

A 548240


ANG  
MATANDANG  
TIPAN

---

BS  
1035  
T13  
1035

---

SANTA  
BIBLIA



**PRESENTED BY  
THE SOCIETY**

BS  
1036  
T13  
1905

THE  
LIBRARY  
OF THE  
MUSEUM OF  
ART AND  
ARCHAEOLOGY  
OF THE  
UNIVERSITY OF  
CAMBRIDGE

1870

ANG  
**MATANDANG TIPAN**

SA MAKATUID BAGAI,

EL

ANTIGUO TESTAMENTO

NANG

**SANTA BIBLIA**



MANILA

SOCIEDAD BÍBLICA BRITÁNICA Y EXTRANJERA

—  
1903

THE OLD TESTAMENT IN TAGALOG

•

# ANG MĀGĀ PANGĀLAN AT PAGKASUNODSUNOD

NANG LAHAT NA

## MĀGĀ LIBRO NĒ MATANDANG TIPAN.

	<i>Pagina</i>		<i>Pagina</i>
GENESIS . . . . .	1	ECCLESIASTES . . . . .	678
EXODO . . . . .	55	ANG AWIT NĒ MĀGĀ AWIT . . . . .	686
LEVITICO . . . . .	100	ISAIAS . . . . .	692
MĀGĀ BILANG . . . . .	133	JEREMIAS . . . . .	745
DEUTERONOMIO . . . . .	180	MĀGĀ PANAGHOY . . . . .	807
JOSUE . . . . .	221	EZEKIEL . . . . .	814
MĀGĀ HUKOM . . . . .	247	DANIEL . . . . .	869
RUT . . . . .	274	HOSEA . . . . .	886
I. SAMUEL . . . . .	277	JOEL . . . . .	894
II. SAMUEL . . . . .	313	AMOS . . . . .	897
I. MĀGĀ HARI . . . . .	343	OBADIAS . . . . .	903
II. MĀGĀ HARI . . . . .	377	JONAS . . . . .	904
I. MĀGĀ KRONIKA . . . . .	410	MIKAS . . . . .	906
II. MĀGĀ KRONIKA . . . . .	440	NAHUM . . . . .	911
EZRA . . . . .	478	HABAKUK . . . . .	913
NEHEMIAS . . . . .	488	ZEFANIAS . . . . .	916
ESTER . . . . .	504	HAGAI . . . . .	918
JOB . . . . .	512	ZEKARIAS . . . . .	920
MĀGĀ AWIT . . . . .	549	MALAKHI . . . . .	929
MĀGĀ KAWIKAAN . . . . .	645		





# ANG LIBRO NŪ GENESIS.

1 Sa pasimula ay nilikha ng Dios ang langit at ang lupa. 2 At ang lupa ay walang anyo at walang laman; at ang kadiliman ay sumasa ibabaw ng balat ng kadiliman; at sinusukuban ng Espiritu ng Dios ang balat ng mga tubig. 3 At sinabi ng Dios: Magkaroon ng liwanag; at nagkaroon ng liwanag. 4 At nakita ng Dios ang liwanag na mabuti: at inihiwalay ng Dios ang liwanag sa kadiliman. 5 At tinawag ng Dios ang liwanag na Araw, at tinawag niya ang kadiliman na Gabi. At nagkaroon ng hapon at nagkaroon ng umaga ang unang araw.

6 At sinabi ng Dios: Magkaroon ng isang kalaganapan sa gitna ng mga tubig, at mahiwalay ang mga tubig sa kapua mga tubig. 7 At ginawa ng Dios ang kalaganapan, at inihiwalay ang mga tubig na nasa ilalim ng kalaganapan, sa mga tubig na nasa itaas ng kalaganapan: at nagkagayon. 8 At tinawag ng Dios ang kalaganapan na Langit. At nagkaroon ng hapon at nagkaroon ng umaga ang ikalawang araw.

9 At sinabi ng Dios: Mapisan ang mga tubig na nasa ilalim ng langit sa isang lugar, at lumitaw ang katuyuan; at nagkagayon. 10 At tinawag ng Dios ang katuyuan na Lupa; at ang kapisanan ng mga tubig, tinawag niya na mga Dagat: at nakita ng Dios na mabuti. 11 At sinabi ng Dios: Sibulan ang lupa ng damo, pananim na nagkakabinhi, at punong kahoy na namumunga ayon sa kaniyang pagkakahoy, na taglay ang kaniyang binhi sa ibabaw ng lupa: at nagkagayon. 12 At ang lupa ay sinibulan ng damo, pananim na nagkakabinhi, ayon sa kaniyang pagkapananim, at ng punong kahoy na namumunga, na taglay ang kaniyang binhi, ayon sa kaniyang pagkakahoy: at nakita ng Dios na mabuti. 13 At nagkaroon ng hapon at nagkaroon ng umaga, ang ikatlong araw.

14 At sinabi ng Dios: Magkaroon ng mga tanlaw sa kalaganapan ng langit upang maghiwalay ng araw sa gabi; at maging pinakatanda, at pinakabahagi ng panahon, ng mga araw at ng mga taon: 15 at naging pinakatanlaw sa kalaga-

napan ng langit, upang magbigay ng liwanag sa ibabaw ng lupa: at nagkagayon. 16 At nilikha ng Dios ang dalawang malaking tanlaw; ang lalong malaking tanlaw ay upang magpuno sa araw, at ang lalong maliit na tanlaw ay upang magpuno sa gabi; nilikha rin niya ang mga bituin. 17 At mga itinatag ng Dios sa kalaganapan ng langit, upang magbigay ng liwanag sa ibabaw ng lupa, 18 at upang magpuno sa araw at sa gabi; at upang maghiwalay ng liwanag sa kadiliman: at nakita ng Dios na mabuti. 19 At nagkaroon ng hapon at ng umaga ang ikaapat na araw.

20 At sinabi ng Dios: Bukalan ng sagana ang mga tubig ng mga gumagalaw na kinapal na may buhay; at magsilipad ang mga ibon sa itaas ng lupa sa lual na kalaganapan ng langit. 21 At nilikha ng Dios ang malalaking hayop sa dagat, at ang lahat na may buhay na kinapal na gumagalaw, na ibinukal na sagana ng mga tubig, ayon sa kanilang pagkahayop, at ang lahat na may pakpak na ibon, ayon sa kaniyang pagkaibon: at nakita ng Dios na mabuti. 22 At mga binasbasan ng Dios na sinabing: Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami, at inyong punuin ang mga tubig sa mga dagat; at magpakarami, at magpakarami ang mga ibon sa lupa. 23 At nagkaroon ng hapon at nagkaroon ng umaga ang ikalimang araw.

24 At sinabi ng Dios: Bukalan ang lupa ng mga may buhay na kinapal, ayon sa kanilang pagkahayop, ng hayop at ng mga hayop na umuusad, at ng mga ganid sa lupa, ayon sa kanilang pagkahayop: at nagkagayon. 25 At nilikha ng Dios ang ganid sa lupa ayon sa kaniyang pagkaganid, at ang hayop ayon sa kaniyang pagkahayop, at ang lahat na hayop na umuusad sa ibabaw ng lupa ayon sa kaniyang pagkahayop; at nakita ng Dios na mabuti. 26 At sinabi ng Dios: Lalangin natin ang tawo sa ating larawan, ayon sa ating wangs; at magkaroon sila ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop, at sa boong lupa, at sa lahat ng

umuusad, na umuusad sa ibabaw ng lupa. **27** At nilalang ng Dios ang tawo *ayon* sa kaniyang sariling larawan, *ayon*, sa larawan ng Dios siya nilalang; nilalang niya sila na lalaki at babaye. **28** At sila'y binasbasan ng Dios, at sa kanila'y sinabi ng Dios: Kayo'y nagpalaanakin at magpakarami, at kalatan niyo ang lupa, at iuyong supilin; at magkaroon kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa lahat ng mga hayop na gumagalaw sa ibabaw ng lupa. **29** At sinabi ng Dios: Narito, ibinibigay ko sa inyo ang lahat ng pananim na nagkakabinhi na nasa ibabaw ng balat ng boong lupa, at ang lahat ng punong kahoy na kinaroroonan ng bunga ng punong kahoy na nagkakabinhi; ito'y magiging pagkain ninyo: **30** at ang lahat na ganid sa lupa, at ang lahat ng ibon sa himpapawid, at ang lahat na hayop na umuusad sa ibabaw ng lupa na may buhay ay *binigyan* ko ng pananim na sariwa na pinakapagkain; at nagkagayon. **31** At nakita ng Dios ang lahat ng kaniyang nilikha; at, narito, napakabuti. At nagkaroon ng hapen at nagkaroon ng umaga ang ikaanim na araw.

**2** At nayari ang langit at ang lupa, at ang lahat ng hukbo noon. **2** At ng ikapitong araw ay nayari ng Dios ang kaniyang gawang ginawa; at nagpahinga sa ikapitong araw, at *itinigil* ang lahat ng kaniyang gawang ginawa. **3** At binasbasan ng Dios ang ikapitong araw at kaniyang ipinangilin, sapagka't siyang ipinagpulinga ng Dios sa lahat ng gawang kaniyang nilikha at ginawa;

**4** Ito ang pinangyarihan ng langit at ng lupa, ng mga likhain ng araw, na gawin ng PANGINOONG Dios ang lupa't langit. **5** At wala pa sa lupang kahoy sa parang, at wala pang ano mang pananim na tumutubo sa parang, (sapagka't hindi pa pina-uulaman ng PANGINOONG Dios ang lupa) at wala pang tawong magbukid ng lupa; **6** nguni't napaitaas ang isang ulap buhat sa lupa at dinidilig ang boong balat ng lupa. **7** At nilalang ng PANGINOONG Dios ang tawo sa alabok ng lupa, at hiningahan ang kaniyang mga butas ng ilong ng hininga ng buhay; at ang tawo ay naging kaluluwang may buhay. **8** At naglagay ang PANGINOONG Dios ng isang halamanan sa Eden, sa dakong silangan: at inilagay niya doon ang tawong kaoyang nilalang. **9** At pinatubo ng PANGINOONG Dios sa lupa ang lahat na

punong kahoy na nakalulugod sa paningin, at mabubuting kanin; gayon din ang punong kahoy ng buhay sa gitna ng halamanan, at ang punong kahoy ng pagkakalala ng mabuti at masama. **10** At nagbubuhay ang isang ilog sa Eden na dumidilig sa halamanan; at mula doo'y nagkakahiwahialay at nag-aapat na sanga. **11** Ang pangalan ng una ay Pison na siyang lumiligid sa boong lupain ng Habila, na doo'y may ginto; **12** at ang ginto sa lupang yao'y mabuti; mairoon *din naman* doong bdelio at batong onix. **13** At ang pangalan ng ikalawang ilog ay Gihon: na siyang lumiligid sa boong lupain ng Kush. **14** At ang pangalan ng ikatlong ilog ay Tigris, na siyang umaagos sa tapat ng Asiria. At ang ikaapat na ilog ay ang Eufrates. **15** At kinuha ng PANGINOONG Dios ang tawo at inilagay sa halamanan ng Eden, upang kaniyang alagaan at ingatan. **16** At iniutos ng PANGINOONG Dios sa tawo na sinabing: Sa lahat ng punong kahoy sa halamanan ay makakakin ka na may kalayaan; **17** datapua't sa kahoy ng pagkakalala ng mabuti at masama, huag kang kakain; sapagka't sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka.

**18** At sinabi ng PANGINOONG Dios: Hindi mabuti na ang tawo ay magisa; siya'y ilalalang ko ng isang marapat na katulong niya. **19** At nilalang ng PANGINOONG Dios sa lupa ang lahat ng hayop sa parang, at ang lahat ng ibon sa himpapawid; at mga dinala sa tawo upang makita kung anong itatawag niya sa kanila: at ang bawa't itinawag ng tawo sa bawa't kinapal na may buhay ay yaon ang naging pangalan noon. **20** At nginalanan ng tawo ang lahat na hayop, at ang mga ibong sa himpapawid, at ang lahat na ganid sa parang; datapua't sa lalaki ay walang nasumpungang marapat na *maging* katulong niya. **21** At hinulugan ng PANGINOONG Dios ng mahigpit na antok ang lalaki, at siya'y natulog; at kinuha ang isa sa kaniyang mga tadyang, at pinapaghilom ang laman sa kaniyang lugar: **22** at ang tadyang na kinuha ng PANGINOONG Dios sa lalaki ay ginawang isang babaye at dinala niya sa lalaki. **23** At sinabi ng lalaki: Ito nga'y buto ng aking mga buto at laman ng aking laman; siya'y tawaging Babaye sapagka't sa Lalaki siya kinuha. **24** Kaya't liwan ng lalaki ang kaniyang ama at ang kani-

yang ina, at mapipisan sa kaniyang asawa: at sila'y magiging isang laman. 25 At sila'y kapua hubad, ang lalaki at ang kaniyang asawa, at sila'y hindi nagkaka-hiyaan.

**3** Ang ahas nga ay lalong tuso kay sa alin man sa mga hayop sa parang na nilikha ng PANGINOONG DIOS. At sinabi niya sa babaye: *1* Tunay bang sinabi ng Dios: Huag kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan? *2* At sinabi ng babaye sa ahas: Sa bunga ng mga punong kahoy sa halamanan ay makakain kami: *3* datapua't sa bunga ng punong kahoy na nasa gitna ng halamanan, sinabi ng Dios: Huag kayong kakain noon, at huag man ninyong hihipuin, baka kayo'y mamatay. *4* At sinabi ng ahas sa babaye: Tunay na hindi kayo mamamatay: *5* sapagka't talastas ng Dios na sa araw na kayo'y kumain noon, madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo'y magiging parang Dios, na nakakakilala ng mabuti at masama. *6* At ng makita ng babaye, na ang bunga ng punong kahoy ay mabuting kanin, at nakalulugod sa mga mata, at kahoy na mananasa upang magpapantas sa tawo, siya'y pumitas ng bunga noon at kinain; at binigyan din niya ang kaniyang asawang kasama niya, at ito'y kumain. *7* At nadilat kapua ang kanilang mga mata, at kanilang nakilalang sila'y mga hubad; at sila'y tumahi ng mga dahon ng puno ng higos, at kanilang ginawang mga panapi. *8* At narinig nila ang voces ng PANGINOONG DIOS na lumalakad sa halamanan sa pagkukulimlim ng araw: at nagtago ang lalaki at ang kaniyang asawa sa harapan ng PANGINOONG DIOS sa pag-itan ng mga punong kahoy sa halamanan. *9* At tinawag ng PANGINOONG DIOS ang lalaki at sa kaniya'y sinabing: *1* Saan ka naroon? *10* At sinabi niyang: Narinig ko ang iyong voces sa halamanan, at ako'y natakot, sapagka't ako'y hubad; at ako'y nagtago. *11* At sinabi niyang: *1* Sinong nagsabi sa iyong ikaw ay hubad? *2* Kumain ka ba ng bunga ng punong kahoy, na iniutos ko sa iyong huag mong kanin? *12* At sinabi ng lalaki: Ang babayeng ibinigay mong aking kasamahin, binigyan ako ng bunga ng punong kahoy, at aking kinain. *13* At sinabi ng PANGINOONG DIOS sa babaye: *1* Ano itong iyong ginawa? At sinabi ng babaye: Dinaya ako ng ahas, at ako'y kumain. *14* At sinabi ng PANGINOONG DIOS sa ahas: Sapagka't ginawa mo ito, ay sum-

pain ka ng higit sa lahat ng hayop, ng higit sa lahat ng ganid sa parang; ang iyong tiyan ang ilalakad mo, at alabok ang iyong kakanin sa lahat ng araw ng iyong buhay: *15* At papag-aalitin ko ikaw at ang babaye, at ang iyong binhi at ang kaniyang binhi: ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kaniyang sakong. *16* Sinabi niya sa babayeng: Pararamihin kong lubha ang iyong mga kalhirapan at ang iyong paglililihi; ipanganak mong may kalhirapan; at sa iyong asawa ay pahihinuhod ang iyong kalcoban, at siya'y papapanginon sa iyo. *17* At kay Adam ay sinabing: Sapagka't iyong dininig ang voces ng iyong asawa, at kumain ka ng bunga ng punong kahoy na aking iniutos sa iyo na sinabing: Huag kang kakain noon; sumpain ang lupa dahil sa iyo; kakain ka sa kaniya sa pamamag-itan ng iyong pagpapagal sa lahat ng araw ng iyong buhay; *18* ang isisibel noon sa iyo ay mga tinik at mga dawag; at kakain ka sa panapim sa parang; *19* sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay, hangang sa ikaw ay muling maging lupa; sapagka't diyan ka kinuha: sapagka't ikaw ay alabok at sa alabok ka uuwi. *20* At tinawag na Eva ng lalaki ang kaniyang asawa, sapagka't siya ang magiging ina ng lahat ng nabubuhay. *21* At iginawa ng PANGINOONG DIOS si Adam at ang kaniyang asawa ng mga tunikang balat at sila'y dinamitan.

*22* At sinabi ng PANGINOONG DIOS: Narito't ang tawo'y naging parang isa sa atin, na nakakakilala ng mabuti at ng masama; at baka ngayo'y iunat ang kaniyang kamay at pumitas naman ng bunga ng punong kahoy ng buhay, at kumain at mabuhay magpakailan man: *23* kaya pinalayas siya ng PANGINOONG DIOS sa halamanan ng Eden, upang kaniyang bukirin ang lupaing pinagkunan sa kaniya. *24* Na ano pa't itinaboy ang lalaki; at inilagay sa silanganan ng halamanan ng Eden, ang mga Kerubin at ang isang naghihinang na tabak na umiikot, upang ingatan ang daang patungo sa kahoy ng buhay.

**4** At nakilala ng lalaki si Eva na kaniyang asawa; at siya'y naglihi at ipinanganak si Kain, at sinabi: Nagkaanak ako ng lalaki sa tulong ng PANGINOONG. *2* At sa muli ay ipinanganak ang kaniyang kapatid na si Abel. At si Abel ay tagapag-alaga ng mga tupa; datapua't si

Kain ay mangbubukid ng lupa. **3** At nangyari ng lumalakad ang panahon ay nagdala si Kain ng isang handog na mga bunga ng lupa sa PANGINOON. **4** At nagdala rin naman si Abel ng mga panzanay ng kaniyang kawan at ng mga taba ng mga yaon. At nilingap ng PANGINOON si Abel at ang kaniyang handog; **5** datapua't hindi nilingap si Kain at ang kaniyang handog. At nag-ilit na mainam si Kain, at namanlaw ang kaniyang mukha. **6** At sinabi ng PANGINOON kay Kain: ¿bakit ka nag-ilit, at namanlaw ang iyong mukha? **7** Kung ikaw ay gumawa ng mabuti, ¿di ba ikaw ay mamarapatin? at kung hindi ka gumawa ng mabuti, ang kasalanan ay nahahandusay sa pintuan: at sa iyo'y pahihinuhod ang kaniyang nasa, at ikaw ang pupanginoonin niya. **8** At yao'y sinabi ni Kain sa kaniyang kapatid na kay Abel. At nangyari ng sila'y nasa parang ay nagtingid si Kain laban kay Abel na kaniyang kapatid, at siya'y kaniyang pinatay. **9** At sinabi ng PANGINOON kay Kain: ¿Saan naroon si Abel na iyong kapatid? At sinabi niyang: Aiwan ko: ¿Ako ba'y tagapagbantay sa aking kapatid? **10** At sinabi niya: ¿Anong iyong ginawa? ang tinig ng dugo ng iyong kapatid ay dumadain sa akin mula sa lupa. **11** At ngayo'y sinumpa ka ng lupa na ibinuka ang kaniyang bibig upang tumanggap sa iyong kamay ng dugo ng iyong kapatid; **12** pagbubukid mo ng lupa, ay di na ibibigay mula ngayon sa iyo ang kaniyang lakas; ikaw ay magiging palaboy at hampas lupa sa lupa. **13** At sinabi ni Kain sa PANGINOON: Totoong napakalaki ang aking kaparusahan upang aking batahin. **14** Narito, ako'y iyong itinataboy ngayon mula sa balat ng lupa, at sa iyong harapan ay magtatago ako; at ako'y magiging palaboy at hampas lupa sa lupa; at inangyari, na sino mang makasumpung sa akin ay ako'y papatayin. **15** At sinabi sa kaniya ng PANGINOON: Dahil dito'y sino mang pumatay kay Kain ay makapitong gagantihan. Nilagyan ng PANGINOON ng isang tanda si Kain, baka siya'y sugatun ng sino mang makakasumpung sa kaniya. **16** At umalis si Kain sa harapan ng PANGINOON at tumahan sa lupain ng Ned sa silanganan ng Eden. **17** At nakilala ni Kain ang kaniyang asawa, at naglihi at ipinanganak si Enok: at siya'y nagtayo ng isang ciudad at tinawag ang ciudad ayon sa pangalan ng kaniyang anak, Enok. **18** At naging anak ni Enok si Irad;

at naging anak ni Irad si Mehuhael; at naging anak ni Mehuhael si Metusael; at naging anak ni Metusael si Lamek. **19** At si Lamek ay nag-asawa ng dalawa; ang pangalan ng isa'y Ada, at ang pangalan ng ikalawa ay Zilla. **20** At naging anak ni Ada si Jubal: na siyang naging magulang ng mga tumatalan sa mga dampa at may mga hayop. **21** At ang pangalan ng kaniyang kapatid ay Jubal: na siyang naging magulang ng lahat na tumutugtog ng alpa at ng flauta. **22** At tungkol kay Zilla, ipinanganak naman niya si Tubal-Kain na mamamanday ng lahat na kagamitan ng patalim na tanso at bakal: at ang kapatid na babaye ni Tubal-Kain ay si Naama. **23** At sinabi ni Lamek sa kaniyang mga asawa:

Ada at Zilla pakingan ninyo ang aking voces:

Kayong mga asawa ni Lamek dingin ninyo ang aking salita:

Sapagka't ang isang tawo, ay aking pinatay, dahil sa ako'y sinugatan,

At ang isang binata, dahil sa ako'y hinampas.

**24** Kung makapitong gagantihan si Kain, Tunay na si Lamek ay makapitong puong pito.

**25** At nakilalang muli ni Adam ang kaniyang asawa; at nanganak ng isang lalaki, at pinanganlang Set; sapagka't *sabi niya'y* binigyan ako ng Dios ng ibang binhing kahalili ni Abel; sapagka't siya'y pinatay ni Kain. **26** At nagkaanak naman si Set ng isang lalaki, at pinanganlang Enos: Mula noon ay pinasinulan ng mga tawo ang pagtawag sa pangalan ng PANGINOON.

**5** Ito ang libro ng mga lahi ni Adam. Ng araw na lalangin ng Dios ang tawo, sa wangis ng Dios siya nilalang; **2** lalaki at babaye silang nilalang; at sila'y binasbasan, at tinawag na Adam ang kanilang pangalan, ng araw na sila'y lalangin. **3** At nabuhay si Adam ng isang daan at tatlong puong taon, at nagkaanak ng isang lalaking kaniyang wangis na hawig sa kaniyang larawan; at pinanganlang Set: **4** at ang mga, naging araw ni Adam, pagkatapos na maipanganak si Set, walong daang taon; at nagkaanak ng mga lalaki at mga babaye. **5** At ang lahat na araw na ikinabuhay ni Adam ay siam na raan at tatlong puong taon: at siya'y namatay.

**6** At na buhay si Set ng isang daan at limang taon at naging anak si Enos: **7** at nabuhay si Set pagkatapos na maipanganak si Enos ng walong daan at pitong

taon; at nagkaanak ng mga lalaki at mga babaye: **8** at ang lahat ng mga naging araw ni Set ay siam na raan at labing dalawang taon: at namatay.

**9** At nabuhay si Enos ng siam na puong taon, at naging anak si Kainan: **10** at nabuhay si Enos, pagkatapos na maipanganak si Kainan, ng walong daan at labing limang taon; at nagkaanak ng mga lalaki at mga babaye: **11** at ang lahat na naging araw ni Enos ay siam na raan at limang taon, at namatay.

**12** At nabuhay si Kainan ng pitong puong taon, at naging anak si Mahalalel: **13** at nabuhay si Kainan, pagkatapos na maipanganak si Mahalalel, ng walong daan at apat na puong taon, at nagkaanak ng mga lalaki at mga babaye: **14** at ang lahat na naging araw ni Kainan, siam na raan at sampuon taon, at namatay.

**15** At nabuhay si Mahalalel ng anim na puo't limang taon, at naging anak si Jared: **16** at nabuhay si Mahalalel, pagkatapos na maipanganak si Jared, ng walong daan at tatlong puong taon, at nagkaanak ng mga lalaki at mga babaye: **17** at ang lahat na naging araw ni Mahalalel ay walong daan at siam na puo't limang taon: at namatay.

**18** At nabuhay si Jared ng isang daan at anim na puo't dalawang taon, at naging anak si Enok: **19** at nabuhay si Jared, pagkatapos na maipanganak si Enok, ng walong daang taon, at nagkaanak ng mga lalaki at mga babaye: **20** at ang lahat ng naging araw ni Jared ay siam na raan at anim na puo't dalawang taon: at namatay.

**21** At nabuhay si Enok na anim na puo't limang taon, at naging anak si Matusalem; **22** at lumakad si Enok na kasama ang Dios, pagkatapos na maging anak niya si Matusalem, na tatlong daang taon, at nagkaanak ng mga lalaki at mga babaye: **23** at ang lahat ng naging araw ni Enok ay tatlong daan at anim na puo't limang taon: **24** at lumakad si Enok na kasama ang Dios: at di siya *nasumpungan*, sapagka't kinuha ng Dios.

**25** At nabuhay si Matusalem ng isang daan at walong puo't pitong taon; at naging anak si Lamek: **26** at nabuhay si Matusalem, pagkatapos na maging anak si Lamek, ng pitong daan at walong puo't dalawang taon; at nagkaanak ng mga lalaki at mga babaye; **27** at ang lahat na naging araw ni Matusalem ay siam na

raan at anim na puo't siam na taon: at sila'y namatay.

**28** At nabuhay si Lamek ng isang daan at walong puo't dalawang taon, at nagkaanak ng isang lalaki: **29** at piuangalang Noe, na sinabing: Ito nga ang aaliw sa atin tungkol sa ating gawa at sa pinagpagalan ng ating mga kamay, dahil sa lupang sinumpa ng PANGINOON. **30** At nabuhay si Lamek, pagkatapos na maipanganak si Noe, ng limang daan at siam na puo't limang taon, at nagkaanak ng mga lalaki at mga babaye: **31** at ang lahat ng naging araw ni Lamek ay pitong daan at pitong puo't pitong taon, at namatay.

**32** At si Noe ay may limang daang taon; at naging anak ni Noe si Sem, si Kam, at si Jafet.

**6** At nangyari, ng magpasimula na dumami ang mga tawo sa balat ng lupa, at mangagkaanak ng mga babaye, **2** na nakita ng nga anak ng Dios, na magaganda ang mga anak na babaye ng mga tawo; ay sila'y nangagsikuha ng kanilang mga asawa sa lahat na kanilang pinili. **3** At sinabi ng PANGINOON: Ang aking espiritu ay hundi makikipaglaban sa tawo magpakailan man, sapagka't siya nama'y laman: gayon may ang kaniyang mga araw ay magiging isang daan at dalawang puong taon. **4** Ang mga gigante ay nasa lupa ng mga araw na yaon, at pagkatapos din naman na makasiping ang mga anak ng Dios sa mga anak na babaye ng tawo, at mangagkaanak sila sa kanila: ang mga ito rin ang naging makapangyrihan ng unang panahon, mga lalaking bantog. **5** At nakita ng PANGINOON na mabigat ang kasaman ng tawo sa lupa, at ang boong haka ng mga pag-iisip ng kaniyang puso ay pawang masama lamang na parati. **6** At nagsisi ang PANGINOON na kaniyang nalalang ang tawo sa lupa, at nalumbay sa kaniyang puso. **7** At sinabi ng PANGINOON: Lilipulin ko ang tawo na aking nilalang sa balat ng lupa; ang tawo at gayon din ang hayop, at ang umusad at ang ibon sa himpapawid; sapagka't pinagsisisihan ko na aking nilalang sila. **8** Datapua't si Noe ay nakasumpung ng biyaya sa mga mata ng PANGINOON.

**9** Ito ang mga lahi ni Noe. Si Noe ay lalaking banal at sakdal sa kapanahon niya: si Noe ay lumalakad na kasama ang Dios. **10** At nagkaanak si Noe ng tatlong

lalaki: si Sem, si Kam, at si Jafet.

**11** At sumama ang lupa sa harap ng Dios, at ang lupa ay napuno ng karahasan.

**12** At tinignan ng Dios ang lupa, at narito sumama; sapagka't pinasama ng lahat ng laman ang kaulang paglakad sa ibabaw ng lupa.

**13** At sinabi ng Dios kay Noe: Ang wakas ng lahat ng laman ay dumating sa harap ko; sapagka't ang lupa ay puno ng karahasan dahil sa kanila; at, narito, sila'y aking lilipulin kalakip ng lupa.

**14** Ginawa ka ng isang sasakyang kahoy na cipres; gagawa ka ng mga silid sa sasakyan, at iyong sisiksikan sa loob at sa labas, ng sahing.

**15** At ganitong paraan gagawin mo: tatlong daang siko ang haba ng sasakyan, limang puong siko ang luang, at tatlong puong siko ang taas.

**16** Gagawa ka ng durungawan sa sasakyan; at wawakasan mo ng isang siko sa dakong itaas; at ang pintuan ng sasakyan ay ilalagay mo sa tagiliran; gagawin mong may lapag na lalong mababa, pangalawa at pangatlo.

**17** At ako, narito, aking magpapadagsa ng isang baha ng tubig sa ibabaw ng lupa, upang lipulin sa ilalim ng langit ang lahat ng laman na may hininga ng buhay; ang lahat na nasa lupa ay mamamata.

**18** Datapua't pagtitibayin ko ang aking tipan sa iyo; at ikaw ay lulalan sa sasakyan, ikaw, at ang iyong mga anak, at ang iyong asawa, at ang mga asawa ng iyong mga anak na kasama mo.

**19** At sa lahat ng nabubuhay, sa lahat ng laman, dalawa ng bawa't pagkahayop ay maglululan ka sa loob ng sasakyan upang mangatan silang buhay. na kasama mo; lalaki at babaye ang kina-kailangan.

**20** Sa ibon ayon sa kani-kanilang pagkaibon, at sa mga hayop ayon sa kanikanilang pagkahayop, sa lahat na umuusad sa lupa ayon sa kanikanilang pagkahayop; dalawa sa bawa't pagkahayop, ay isasama mo sa iyo, upang mangatan silang buhay.

**21** At magbaon ka ng lahat na pagkain na kinakain, at tipunin mo sa iyo; at magiging pagkain mo at nila.

**22** Gayon ginawa ni Noe; ayon sa lahat na iniutos sa kaniya ng Dios, gayon ang ginawa niya.

**7** At sinabi ng PANGINOON kay Noe: Lumulan ka at ang iyong buong sambahayan sa sasakyan; sapagka't ikaw ay aking nakitang banal sa harap ko sa panahong ito.

**2** Sa lahat na malilinis na hayop ay kukuha ka ng tigpipo, ng lalaki at ng kaniyang babaye; at sa mga

hayop na hindi malinis ay dalawa, ng lalaki at ng kaniyang babaye; **3** gayon din naman sa ibon sa himpapawid, tigpipo ng lalaki at ng babaye; upang ingatang binhi na buhay sa balat ng boong lupa.

**4** Sapagka't pagkaraan ng ikapitong araw, ako'y magpapanlan sa ibabaw ng lupa, ng apat na puong araw at apat na puong gabi; at aking lilipulin ang lahat ng may buhay na aking nililicha sa balat ng lupa.

**5** At ginawa ni Noe ayon sa lahat na iniutos sa kaniya ng PANGINOON.

**6** At may anim na raang taon si Noe ng ang baha ng tubig ay dumagsa sa ibabaw ng lupa.

**7** At lumulan si Noe sa sasakyan at kasama niya ang kaniyang mga anak, at ang kaniyang asawa, at ang mga asawa ng kaniyang mga anak, dahil sa mga tubig ng baha.

**8** Sa mga hayop na malinis, at sa mga hayop na hindi malinis, at sa mga ibon, at sa lahat na umuusad sa ibabaw ng lupa; **9** dalawa't dalawang dumating kay Noe sa sasakyan, lalaki at babaye ayon sa iniutos ng Dios kay Noe.

**10** At nangyari na pagkaraan ng pitong araw, na ang mga tubig ng baha ay umapaw sa ibabaw ng lupa.

**11** Sa ikaanim na raang taon ng buhay ni Noe ng ikalawang buan, sa ikalabing pitong araw ng buan, ng araw ding yaon, ay nangasira ang lahat ng bukal ng malaking kalaliman, at ang mga dungawan ng mga langit ay nabuksan;

**12** at umulan sa ibabaw ng lupa ng apat na puong araw at apat na puong gabi.

**13** Ng araw ding yaon, lumulan sa sasakyan si Noe, at si Sem, at si Kam, at si Jafet, na mga anak ni Noe, at ang asawa ni Noe, at ang tatlong asawa ng kaniyang mga anak na kasama nila;

**14** sila, at ang lahat ng ganid ayon sa kanikanilang pagkaganid, at lahat ng hayop ayon sa kanikanilang pagkahayop, at lahat ng umuusad sa ibabaw ng lupa ayon sa kanikanilang pagkahayop, at lahat ng ibon ayon sa kanikanilang pagkaibon, lahat ng sarisaring ibon.

**15** At sila'y dumating kay Noe sa sasakyan na dalawa't dalawa, ang lahat ng laman na may hinga ng buhay.

**16** At ang mga nagsilulan, lumulang lalaki at babaye, ng lahat ng laman, gaya ng iniutos sa kaniya ng Dios: at kinulong siya ng PANGINOON.

**17** At tumagal ang baha ng apat na puong araw sa ibabaw ng lupa; at lumaki ang mga tubig at lumutang ang sasakyan, at na-taas sa ibabaw ng lupa.

**18** At banaig ang mga tubig at lumaking mainam sa ibabaw

ng lupa; at lumulutang ang sasakyan sa ibabaw ng balat ng mga tubig. **19** At nanaig na lubha ang mga tubig sa ibabaw ng lupa, at mga inapawan ang lahat na mataas na bundok na nasa ilalim ng boong langit. **20** Labing limang siko sa dakong itaas ang inilalo ng mga tubig; at inapawan ang mga bundok. **21** At namatay ang lahat ng lamang gumagalaw sa ibabaw ng lupa, ang ibon at gayon din ang hayop, at ang ganid, at ang lahat ng umuusad na umuusad sa ibabaw ng lupa, at ang lahat ng tawo: **22** lahat ng sa kanilang ilong ay may hinga ng espiritu ng buhay, lahat na nasa lupang tuyoy, namatag. **23** At nilipol ang lahat ng may buhay na nasa ibabaw ng balat ng lupa, ang tawo at gayon din ang hayop, at ang umuusad at ang ibon sa himpapawid; at sila'y nalipol sa lupa; at ang natira lamang, ay si Noe at ang mga kasama niya sa sasakyan. **24** At tumagal ang mga tubig sa ibabaw ng lupa, ng isang daan at limang puong araw.

**8** At naalaala ng Dios si Noe, at ang lahat ng may buhay, at ang lahat ng hayop na kasama niya sa sasakyan: at nagpahihip ang Dios ng isang hangin sa ibabaw ng lupa, at kumati ang mga tubig; **2** natakpan naman ang mga bukal ng kalaliman at ang mga dungawan ng langit, at napigil ang ulan sa langit; **3** at umurong na walang likat ang mga tubig mula sa lupa; at kumati ang mga tubig pagkaraan ng isang daan at limang puong araw. **4** At sumadsad ang sasakyan ng ikapitong buan, sa ikalabing pitong araw ng buan, sa ibabaw ng mga bundok ng Ararat. **5** At ang mga tubig ay nagpatuloy ng pagkati hangang sa ikasampung buan, ng ika sampuon buan ng unang araw ng buan, nakita ang mga taluktok ng mga bundok. **6** At nangyari, ng pagkaraan ng apat na puong araw, na binuksan ni Noe ang dungawang kaniyang ginawa sa sasakyan: **7** at siya'y nagpalipad ng isang owak, at ito'y nagpuroot parito hangang sa natuyo ang mga tubig sa lupa. **8** Nagpalipad naman siya ng isang kalapati, upang tingnan kung humupa na ang mga tubig sa balat ng lupa; **9** datapua't hindi nakasumpuon ang kalapati ng mapagpapahingahan ng talampakan ng kaniyang paa, at nagbalik sa kaniya sa sasakyan; sapagka't ang mga tubig ay nanga sa balat pa ng boong lupa; at iniubat ang kaniyang kamay at hinawakan, at ipinasok niya sa sasakyan. **10** At nag-

hintay pa ng muling pitong araw; at muling pinalipad ang kalapati sa sasakyan; **11** at ang kalapati ay nagbalik sa kaniya ng dakong hapon; at, narito't may dalang isang dahong sariwa ng oliya sa tuka: sa gayon ay naunawa ni Noe na humupa na ang mga tubig sa lupa. **12** At naghintay pang muli siya ng pitong araw; at nagpalipad ng kalapati; at hindi na muling nagbalik pa sa kaniya. **13** At nangyari, ng taong ikaanim na raan at isa, ng unang buan, ng unang araw ng buan, natuyo ang mga tubig sa ibabaw ng lupa; at inalis ni Noe ang takip ng sasakyan at tumanaw siya, at, narito't ang balat ng lupa ay tuyoy. **14** At ng ikalawang buan sa ikadalawang puot pitong araw ng buan, natuyo ang lupa.

**15** At nagsalita ang Dios kay Noe, na sinabing: **16** Lumunsad ka sa sasakyan, ikaw at ang iyong asawa, at ang iyong mga anak, at ang mga asawa ng iyong mga anak na kasama mo. **17** Ilabas mo na kasama mo ang lahat na may buhay na kasama mo, sa lahat ng laman, ang mga ibon, at ang mga hayop, at ang lahat na umuusad na nagsisiusad sa ibabaw ng lupa; upang magsipanganak ng sagana sa lupa, at magpalaanakin, at mangagsidami sa ibabaw ng lupa. **18** At lumunsad si Noe, at ang kaniyang mga anak, at ang kaniyang asawa, at ang mga asawa ng kaniyang mga anak na kasama niya: **19** lahat ng hayop, lahat ng umuusad, at lahat ng ibon, lahat ng gumagalaw sa ibabaw ng lupa ayon sa kanikaniyang angkan ay nangagsilunsad sa sasakyan. **20** At ipinagtayo ni Noe ng isang altar ang PANGINOON; at kumuha sa lahat na malinis na hayop, at sa lahat ng malinis na ibon, at nag-alay ng mga handog na susunugin sa ibabaw ng altar. **21** At sinamio ng PANGINOON ang masarap na amoy, at nagsabi ang PANGINOON sa kaniyang puso: Hindi ko na muling susumpain ang lupa, dahil sa tawo, sapagka't ang haka ng puso ng tawo ay masama mula sa kaniyang pagkabata; at hindi ko na muling sasaktan pa ang lahat na nabubuhay gaya ng aking ginawa. **22** Samantalang ang lupa ay lumalagi, paghahasik at pag-aani, at lamig at init, at tagaraw at taginaw, at araw at gabi, hindi magliliikat.

**9** At binasbasan ng Dios si Noe at ang kaniyang mga anak, at sa kanila'y sinabing: Kayo'y mangag-anak, mag-sidami at inyong punuin ang lupa. **2** At

ang takot sa inyo, at sindak sa inyo ay mapapasa lahat ng ganid sa lupa, at sa lahat ng ibon sa himpapawid; at ang lahat ng umunod sa lupa, at ang lahat ng isda sa dagat; sa inyong kamay ay ibinibigay. **3** Lahat ng gumagalaw at nabubuhay ay magiging pagkain niyo; gaya ng mga sariwang pananim na lahat ay ibinibigay ko sa inyo. **4** Ngunit ang lamang may buhay na siya niyang dugo, huag ninyong kakainin. **5** At tumay na hihingan ko ng sulit ang inyong dugo, ang dugo ng inyong mga buhay; sa kamay ng lahat ng ganid ay hihingan ko ng sulit: at sa kamay ng tawo, sa kamay ng bawat kapatid ng tawo ay hihingan ko ng sulit ang buhay ng tawo. **6** Ang magbubo ng dugo ng tawo, sa panamag-itan ng tawo ay mabububo ang kaniyang dugo; sapagka't sa larawan ng Dios nilalang ang tawo. **7** At kayo'y maging palaanakin at magsidami; magsilago kayo ng sagana sa lupa, at kayo'y magsidami din.

**8** At nagsalita ang Dios kay Noe, at sa kaniyang mga anak na kasama niya, na sinabing: **9** At ako, narito, aking pinagtibay ang aking tipan sa inyo, at sa inyong binhi na sunod sa inyo; **10** at sa lahat ng linikhang may buhay na kasama ninyo, ang ibon, ang hayop at lahat ng ganid sa lupa na kasama ninyo; sa lahat ng lumunsad sa sasakyan pati sa lahat ng hayop sa lupa. **11** At aking pagtitibayin ang aking tipan sa inyo; na hindi ko na lilipulin pa man ang lahat ng laman ng mga tubig ng baha; at hindi na rin magkakabaha upang gibain ang lupa. **12** At sinabi ng Dios: Ito ang tanda ng tipang ginawa ko sa inyo, at sa lahat ng kinapal na may buhay na kasama ninyo sa boong panahon: **13** ang aking bahag-hari ay inilagay ko sa alapaap, at siyang magiging tanda ng tipanan ko at ng lupa. **14** At mangyayari pagka ako'y magbaba ng isang alapaap sa ibabaw ng lupa, na makikita ang bahag-hari sa alapaap, **15** at aalalahanin ko ang aking tipan, na inilagda ko sa akin at sa inyo, at sa lahat ng kinapal na may buhay sa lahat ng laman; at ang mga tubig ay hindi na magiging baha upang lipulin ang lahat ng laman. **16** At ang bahag-hari ay pasa sa alapaap, at aking mamasdan, upang aking maalala, ang walang hangang tipanan ng Dios at ng lahat ng kinapal na may buhay sa lahat ng lamang nasa ibabaw ng lupa. **17** At sinabi ng Dios kay

Noe: Ito ang tanda ng tipang inilagda ko sa akin at sa lahat ng laman na nasa ibabaw ng lupa.

**18** At ang mga anak ni Noe na nagsilunsad sa sasakyan ay si Sem, at si Kam, at si Jafet: at si Kam ay siyang ama ni Kanaan. **19** Ang tatlong ito ay mga anak ni Noe, at sa kanila'y nakalatan ang boong lupa.

**20** At nagpasimula si Nce na maging mangbubukid at naglagay ng isang uvasan: **21** At uminom ng alak at nalango; at siya'y nahubaran sa loob ng kaniyang dampa. **22** At si Kam na ama ni Kanaan ay nakakita ng kahubaran ng kaniyang ama, at isinaysay sa kaniyang dalawang kapatid na bangsalabas. **23** At kumuha si Sem at si Jafet ng isang balabal, at isinabalikat nilang dalawa, at lumakad ng paurong at tinakpan ang kahubaran ng kanilang ama; at ang mukha nila ay patalikod, at hindi nila nakita ang kahubaran ng kanilang ama. **24** At naging si Noe sa kaniyang pagkalanjo sa alak, at naalaman ang ginawa sa kaniya ng kaniyang bunsong anak. **25** At sinabing:

! Sumpain si Kanaan!

Siya'y magiging alipin ng mga alipin ng kaniyang mga kapatid.

**26** At sinabi niya:

! Purihin ang PANGINOON, ang Dios ni Sem!

At si Kanaan ay maging alipin niya.

**27** Palakihin ng Dios si Jafet, At matira siya sa mga dampa ni Sem; At si Kanaan, maging alipin niya.

**28** At nabuhay si Noe pagkaraan ng bahang gumunaw, ng tatlong daan at limang puong taon. **29** At ang lahat ng naging araw ni Noe ay siam na raan at limang puong taon, at namatay.

**10** Ito nga ang mga lahi ng mga anak ni Noe: si Sem, si Kam, at si Jafet: at sila'y nangagkaanak pagkaraan ng bahang gumunaw.

**2** Ang mga anak ni Jafet: si Gomer, at si Magog, at si Maday, at si Javan, at si Tubal, at si Mesek, at si Tiras. **3** At ang mga anak ni Gomer: si Azkenaz, at si Rifat, at si Togarma. **4** At ang mga anak ni Javan: si Elisa, at si Tarsis, si Kitim, at si Dodanim. **5** Sa mga ito nangagkababalagi ang mga pulo ng mga nasyon, sa kanilang mga lupain, bawa't isa'y ayon sa kanikaniyang wika; ayon sa kanikanilang angkan, sa kanilang mga nasyon.

**6** At ang mga anak ni Kam: si Kus, at



si Mizraim, at si Put, at si Kanaan. **7** At ang mga anak ni Kus: si Seba, at si Havila, at si Sabta, at si Raama, at si Sabteka; at ang mga anak ni Raama; si Saba, at si Dedan. **8** At naging anak ni Kus si Nimrod: Siyang nagpasimulang maging makapangyarihan sa lupa. **9** Siya'y makapangyarihang mangangaso sa harap ng PANGINOON: kaya't *karaniwang* sabihing: Gaya ni Nimrod, na makapangyarihang mangangaso sa harap ng PANGINOON. **10** At ang pinagsimulan ng kaniyang kaharian ay ang Babel, at ang Ereĳ, at ang Akad, at ang Kalne, sa lupain ng Sinar. **11** Buhat sa lupaing ito'y napasa Asiria at itinayo ang Ninive, at ang Behobot-ir, at ang Kale, **12** at ang Rasen, sa pag-itan ng Ninive at ng Kale (na siyang malaking ciudad.) **13** At naging anak ni Mizraim si Ludim, at si Anamim, at si Lahabim, at si Neftuhim, **14** at si Patrusim, at si Kasluhim (na siyang pinagbuhatan ng mga Filisteo), at ang Kattorim.

**15** At naging anak ni Kanaan si Sidon, na kaniyang panganay, at si Het; **16** at ang Jebuseo, at ang Amorreo, at ang Gergeseo; **17** at ang Heveo, at ang Araceo, at ang Simeo; **18** at ang Arvadeo, at ang Zemareo, at ang Hamoteo; at pagkatapos ay kumalat ang mga angkan ng Kananeo. **19** At ang hanganan ng Kananeo ay mula sa Sidon, kung patungo sa Gerar, hangang sa Gaza; kung patungo sa Sodoma at Gomorra, at Adima, at Zeboim hangang Lasa. **20** Ito ang mga anak ni Kam, ayon sa kanikanilang angkan, ayon sa kanikanilang wika, sa kanikanilang mga lupain, sa kanilang mga nasyon.

**21** At nagkaroon din naman ng mga anak si Sem, na ama ng lahat ng mga anak ni Heber, na lalong matandang kapatid ni Jafet. **22** Ang mga anak ni Sem; si Elam, at si Asur, at si Arfaxad, at si Lud, at si Aram. **23** At ang mga anak ni Aram; si Uz, at si Hul, at si Geter, at si Mas. **24** At naging anak ni Arfaxad si Sela; at naging anak ni Sela si Heber. **25** At nagkaanak si Heber ng dalawang lalaki; ang pangalan ng una'y Peleg; sapagka't sa mga araw niya'y nahati ang lupa; at ang pangalan ng kaniyang kapatid ay Joktan. **26** At naging anak ni Joktan si Almodad, at si Selef, at si Hazarmavet, at si Jerah; **27** at si Hadoram, at si Uzal, at si Dikla; **28** at si Obal, at si Abimael, at si Saba; **29** at si Ofir, at si Havila, at si Jobab; lahat ng ito ay mga naging anak ni Joktan. **30** At ang naging

tahanan nila ay mula sa Mesa, kung patungo sa Safar, bundok sa Silanganan. **31** Ito ang mga anak ni Sem; ayon sa kanikanilang angkan, ayon sa kanikanilang wika, sa kanikanilang lupain, ayon sa kanikanilang mga nasyon.

**32** Ito ang mga angkan ng mga anak ni Noe, ayon sa kanikanilang lahi, sa kanilang mga nasyon: at sa mga ito nagkabahabahagi ang mga nasyon pagkatapos ng bahang gumunaw.

**11** At ang boong lupa ay iisa ang wika at iisa ang salita. **2** At nangyari, na, sa kanilang paglalakbay sa silanganan, nakasumpung sila ng isang kapatagan sa lupain ng Sinar; at nanahan doon. **3** At nagsang-usapang: |Aba tayo | tayo'y gumawa ng mga ladrillo, at ating lutuing mabuti. At inari nilang bato ang ladrillo at ang betun ay inaring argamasa. **4** At nagsipagsabing: |Aba tayo! Magtayo tayo ng isang ciudad natin at ng isang moog, na ang taluktok noon ay uma-bot hangang sa langit, at gumawa tayo ng isang ngalan natin; baka tayo'y mangalat sa ibabaw ng balat ng boong lupa. **5** At bumaba ang PANGINOON upang tingnan ang ciudad at ang moog na itinayo ng mga anak ng mga tawo. **6** At sinabi ng PANGINOON: Narito, sila'y iisang bayan at silang lahat ay may isang wika; ito ang kanilang pinasimulang gawin: at, ngayon nga'y walang makasasawata sa ano mang kanilang balaking gawin. **7** |Aba tayo! tayo'y bumaba at diyan din ay ating guluhin ang kanilang wika, na ano pa't sila'y huag magkatalastasan sa kanilang salita. **8** Ganito pinanabog sila ng PANGINOON mula riyon, sa balat ng boong lupa: at kanilang itinigil ang pagtayo ng ciudad. **9** Kaya ang pangalang itinawag ay Babel; sapagka't doon ginulo ng PANGINOON ang wika ng boong lupa: at mula roon ay pinanabog sila ng PANGINOON sa ibabaw ng balat ng boong lupa.

**10** Ito ang mga lahi ni Sem. May isang daan taon si Sem at ipinanganak si Arfaxad, dalawang taon pagkatapos ng bahang gumunaw: **11** at nabuhay si Sem, pagkatapos na maging anak si Arfaxad, ng limang daang taon, at nagkaanak ng mga lalaki at mga babaye.

**12** At nabuhay si Arfaxad ng tatlong puo't limang taon, at naging anak si Selah: **13** at nabuhay si Arfaxad pagkatapos na maipanganak si Selah, ng apat

na raan at tatlong taon, at nagkaanak ng mga lalaki at mga babaye.

**14** At nabuhay si Selah ng tatlong puong taon at naging anak si Heber: **15** at nabuhay si Selah pagkatapos na maipanganak si Heber, ng apat na raan at tatlong taon, at nagkaanak ng mga lalaki at mga babaye.

**16** At nabuhay si Heber ng tatlong puo't apat na taon at naging anak si Peleg: **17** at nabuhay si Heber pagkatapos na maipanganak si Peleg, ng apat na raan at tatlong puong taon, at nagkaanak ng mga lalaki at mga babaye.

**18** At nabuhay si Peleg ng tatlong puong taon, at naging anak si Reu: **19** at nabuhay si Peleg pagkatapos na maging anak si Reu, ng dalawang daan at siam na taon; at nagkaanak ng mga lalaki at mga babaye.

**20** At nabuhay si Reu ng tatlong puo't dalawang taon, at naging anak si Serug: **21** at nabuhay si Reu pagkatapos na maging anak si Serug, ng dalawang daan at pitong taon, at nagkaanak ng mga lalaki at mga babaye.

**22** At nabuhay si Serug ng tatlong puong taon, at naging anak si Nakor: **23** at nabuhay si Serug pagkatapos na maging anak si Nakor, ng dalawang daang taon; at nagkaanak ng mga lalaki at mga babaye.

**24** At nabuhay si Nakor ng dalawang puo't siam na taon, at naging anak si Tare: **25** at nabuhay si Nakor pagkatapos na maipanganak si Tare, ng isang daan at labing siam ng taon, at nagkaanak ng mga lalaki at mga babaye.

**26** At nabuhay si Tare ng pitong puong taon, at naging anak si Abram, si Nakor at si Haran.

**27** Ito nga ang mga lahi ni Tare. Naging anak ni Tare si Abram, si Nakor, at si Haran; at naging anak ni Haran si Lot. **28** At namatay si Haran sa harap ng kaniyang amang si Tare sa lupaing kaniyang tinubuan, sa Ur ng mga Kaldeo.

**29** At nagsipag-asawa si Abram at si Nakor: ang pangalan ng asawa ni Abram ay Sarai; at ang pangalan ng asawa ni Nakor, ay Milka, anak ni Haran, ama ni Milka at ama ni Iska. **30** At si Sarai ay baog; siya'y walang anak. **31** At ipinagsama ni Tare si Abram na kaniyang anak, at si Lot na anak ni Haran, na anak ng kaniyang anak, at si Sarai na kaniyang manugang, asawa ni Abram na kaniyang anak; at samasamang nagsialis sa Ur ng

mga Kaldeo, upang magsipasok sa lupain ng Kanaan; at nagsidingit sila sa Haran, at nagsitahan doon. **32** At ang mga naging araw ni Tare ay dalawang daan at limang taon: at namatay si Tare sa Haran.

**12** At sinabi ng PANGINOON kay Abram: Umalis ka sa iyong lupain, at sa iyong mga kamag-anak, at sa lahay ng iyong ama, na ikaw ay pasa lupaing ituro ko sa iyo: **2** at gagawin kitang isang malaking nasyon, at ikaw ay aking pagpapalain, at padadakilain ko ang iyong pangalan; at ikaw ay maging isang pala: **3** at pagpapalain ko ang mga magpapala sa iyo, at susumpain ko ang mga sumusumpa sa iyo: at pagpapalain sa iyo ang lahat ng angkan sa lupa. **4** Kaya't yumaon si Abram ayon sa sinalita sa kaniya ng PANGINOON; at si Lot ay sumama sa kaniya: at si Abram ay may mga pitong puo't limang taon, ng umalis sa Haran. **5** Isinama ni Abram si Sarai na kaniyang asawa, at si Lot na anak ng kaniyang kapatid, at ang lahat ng pag-aaring kanilang natipon at ng mga tawong kanilang nakuha sa Haran; at nagsialis upang pasa lupain ng Kanaan; at dumating sa lupain ng Kanaan. **6** At naglakbay sa lupain si Abram hanang sa lugar ng Sikem, bangang sa punong encina ng More. At noo'y ang Kananeo ay nasa lupaing yaon. **7** At napakita ang PANGINOON kay Abram, at nagsabing: Sa iyong binhi ay ibibigay ko ang lupaing ito: at siya'y nagtayo doon ng isang altar sa PANGINOON na napakita sa kaniya. **8** At mula roon ay lumipat siya sa bundok na nasa silanganan ng Betel, at doon niya itinayo ang kaniyang dampa, na nasa kalunuran ang Betel, at nasa silanganan ang Hai: at siya'y nagtayo roon ng altar sa PANGINOON, at sinambit ang pangalan ng PANGINOON. **9** At si Abram ay naglakbay na nagtuloy sa dakong Timugan.

**10** At nagkagutom sa lupain: at bumaba si Abram na nasok sa Egipto, upang manirahan doon; sapagka't mahigpit ang kagutom sa lupain. **11** At nangyari, ng siya'y malapit ng papasok sa Egipto ay sinabi niya kay Sarai na kaniyang asawa: Narito, ngayon, talastast kong ikaw ay magandang babaye na masdan: **12** at mangyari pagka ikaw ay makikita ng mga taga Egipto, kanilang sasabihing: Ito'y kaniyang asawa; at ako'y kanilang papatayin, datapua't kanilang ililigtas ang iyong buhay. **13** Isina-

samo ko sa iyo, na sabihin mong ikaw ay aking kapatid, upang ako'y mapabuti dahil sa iyo; at upang ang aking kalulua ay mabuhay dahil sa iyo. **14** At nangyari, ng pumasok si Abram sa Egipto, nakita ng mga taga Egipto, na ang babaye ay napaganda. **15** At nakita siya ng mga pangulo ni Faraon, at kanilang pinuri siya kay Faraon: at dinala ang babaye sa bahay ni Faraon. **16** At pinagpakitaan nito ng magandang loob si Abram dahil sa kaniya; at nagkaroon si Abram ng mga tupa, at ng mga baka, at ng mga asno, at ng mga aliping lalaki at ng mga alilang babaye, at ng mga asna, at ng mga kamello. **17** At sinalot ng PANGINOON si Faraon at ang kaniyang bahay, ng malaking pagsalot dahil kay Sarai na asawa ni Abram. **18** At tinawag ni Faraon si Abram, at sinabing: *¿Ano itong ginagawa mo sa akin? ¿Bakit hindi mo ipinahayag sa akin na siya'y iyong asawa?* **19** *¿Bakit sinabi mong siya'y aking kapatid, na ano pa't siya'y aking kinuha upang maging asawa: ngayon nga'y nariyan ang iyong asawa; siya'y kunin mo at yumaon ka.* **20** At nagbilin si Faraon sa mga tawo tungkol sa kaniya: at siya'y kanilang inihatid sa daan, at ang kaniyang asawa, at ang lahat ng kaniyang pag-aari.

**13** At umakyat sa timugan si Abram mula sa Egipto, siya at ang kaniyang asawa, at ang lahat ng kaniyang pag-aari, at si Lot na kaniyang kasama. **2** At si Abram ay totoong mayaman sa hayop, sa pilak, at sa ginto. **3** At nagpatuloy si Abram ng kaniyang paglalakbay mula sa timugan hangang sa Bet-el, hangang sa lugar na kinaroonan ng una, ng kaniyang dampa, sa pag-itan ng Bet-el at ng Hai; **4** sa lugar ng altar na kaniyang ginawa doon ng una: at sinambit doon ni Abram ang pangalan ng PANGINOON. **5** At si Lot naman na kinasama ni Abram may tupahan at vakahan, at mga dampa. **6** At sila'y hindi makayanan ng lupain, na sila'y manahan na magkasama: sapagka't napakarami ang kanilang pag-aari, na ano pa't hindi maaring manirahang magkasama. **7** At nagkaroon ng pagtatalo ang mga tagapagalaga ng hayop ni Abram at ang mga tagapagalaga ng hayop ni Lot: at ang Kananeo at ang Perceco ay naninirahan noon sa lupain. **8** At sinabi ni Abram kay Lot: Ipinamamanhik ko sa iyong huag magkaroon ng pagtatalo ikaw at ako, at ang mga tagapagalaga mo at mga tagapag-

alaga ko; sapagka't tayo'y magkapatid. **9** *¿Di бага ang sangkalupaan ay nasa harap mo? Humiwalay ka nga sa akin, ipinamamanhik ko sa iyo: kung ikaw ay pasa sa kaliwa, ako'y pasa sa kanan; o kung ikaw ay pasa sa kanan, ako'y pasa sa kaliwa.* **10** At itiningin ni Lot ang kaniyang mga mata, at natanaw niya ang boong kapatagan ng Jordan, na pawang patubigan na magaling sa magkabitabala, kung pasa sa Zoar, (bago giniba ng PANGINOON ang Sodoma at Gomorra), gaya ng halamanang ng PANGINOON, gaya ng lupain ng Egipto. **11** Kaya't pinili ni Lot sa kaniya ang boong kapatagan ng Jordan; at si Lot ay naglakbay sa silangan: at sila'y kapua naghiwalay. **12** Tumahan si Abram sa lupain ng Kanaan; at si Lot ay tumahan sa mga ciudad ng kapatagan, at inilipat ang kaniyang dampa hangang sa Sodoma. **13** Ang mga tawo nga sa Sodoma ay masasama at mga makasalanang lubha laban sa PANGINOON. **14** At sinabi ng PANGINOON kay Abram, pagkatapos na makahiwalay si Lot sa kaniya: *Itiningin mo ngayon ang iyong mga mata, at tumanaw ka mula sa lugar na iyong kinalalagyan, sa dakong hilagaan, at sa dakong timugan, at sa dakong silalanganan, at sa dakong kalunuran: 15* sapagka't ang boong lupaing iyong natatanaw ay ibibigay ko sa iyo, at sa iyong binhi magpakailan man. **16** At gagawin ko, na ang iyong binhi ay maging gaya ng alabok ng lupa: na ano pa't kung mabibilang ng sino man ang alabok ng lupa ay mabibilang nga rin naman ang iyong binhi. **17** Magtindig ka, lakarin mo ang lupain, ang hinaba-haba at niluangluang niya; sapagka't ibibigay ko sa iyo. **18** At inilipat ni Abram ang kaniyang dampa, at naparoon at tumahan sa mga punong encina ng Mamre na nasa Hebron, at siya'y nagtayo doon ng altar sa PANGINOON.

**14** At nangyari sa mga kaarawan ni Amrafel, hari sa Sinar, ni Ariok hari sa Elasar, ni Kedordaomer hari sa Elam, at ni Tidal hari ng mga gentil, **2** na ang mga ito ay nakipagbaka laban kay Bera, hari sa Sodoma, at laban kay Birsa, hari sa Gomorra, kay Sinab hari sa Adma, at kay Semeber, hari sa Seboim, at sa hari sa Bela (na si Zoar). **3** Lahat ng ito'y nagkatipon sa libis ng Sidim (na siyang Dagat na alat). **4** Labing dalawang taong nagsipaglingkod kay Kedordaomer, at sa ikalabing tatlong taon ay

nagsipanghimagsik. 5 At sa ikalabing apat na taon ay dumating si Kedorlaomer at ang mga haring kasama niya, at sinugatan ang mga Refaita sa Astarot-Karnaim, at ang mga Zucita sa Ham, at ang mga Emita sa Save-kiriataim. 6 at ang mga Horeo sa kanilang kabundukan ng Seir, hangang El-paran na nasa tabi ng ilang. 7 At sila'y nangagbalik at nagsiparoon sa Enmispat (na siyang Kades), at kanilang sinugatan ang boong lupain ng mga Amalekita, at ang mga Amorreo man na mga tumataban sa Hasason-tamar. 8 At nagsilabas ang hari sa Sodoma, at ang hari sa Gomorra, at ang hari sa Adma, at ang hari sa Zeboim, at ang hari sa Bela (na ang Zoar); at sila'y humanay ng pakikipagbaka laban sa kanila sa libis ng Sidim; 9 laban kay Kedorlaomer, hari sa Elam, at kay Tidal, hari sa mga gentil, at kay Amrafel, hari sa Sinar, at kay Ariok, hari sa Elasar; apat na hari laban sa lima. 10 At ang libis ng Sidim ay puno ng balon ng betun; at nagsitakas ang mga hari sa Sodoma at sa Gomorra, at nangahulog doon, at ang natira ay tumakas sa kabundukan. 11 At kanilang sinamsam ang lahat ng pag-aari ng Sodoma at Gomorra, at ang lahat nilang pagkain at nagsiyaon. 12 At dinala nila si Lot, na anak ng kapatid ni Abram na nananahan sa Sodoma at ang kaniyang mga pag-aari at sila'y nagsiyaon. 13 At dumating ang isang nakataanan, at ibinalita kay Abram na Hebreo; tumataban nga sa mga punong encinahan ni Mamre na Amorreo, kapatid ni Eskol, at kapatid ni Aner; at ang mga ito ay kakampi ni Abram. 14 At pagkarinig ni Abram, na ang kaniyang kapatid ay nabihag, ipinagsama ang kaniyang mga subok na lalaki, na mga ipinanganak sa kaniyang bahay, tatlong daan at labing walo, at kanilang hinabol sila hangang sa Dan. 15 At sila'y nangagpangkatpangkat sa kinagabihan, laban sa kaaway, siya, at ang kaniyang mga alipin, at kanilang sinugatan, at hinabol siya hangang sa Hoba, na nasa kaliwa ng Damasko. 16 At iniowi niya ang lahat ng pag-aari; at iniowi din niya si Lot na kaniyang kapatid at ang kaniyang mga pag-aari, at gayon din ang mga babaye at ang bayan. 17 At nilabas na sinalubong siya ng hari sa Sodoma pagkatapos na siya'y magbalik na mula sa pagpatay kay Kedorlaomer, at sa mga haring kasama niya, sa libis ng Save (na siyang libis ng hari). 18 At si Mel-

kisedek, na hari sa Salein, naglabas ng tinapay at alak: at siya'y sacerdote ng Kataastaasang Dios. 19 At binasbasan niya siya na sinabing: | Pagpalain si Abram ng Kataastaasang Dios, na may ari ng langit, at ng lupa! 20 | at purihin ang Kataastaasang Dios na nagbigay ng iyong mga kaaway sa iyong kamay! At binigyan siya ni Abram ng ikasampuong bahagi ng beong samsam. 21 At sinabi ng hari sa Sodoma kay Abram: Ibigay mo sa akin ang mga tawo at kunin mo sa ganang iyo ang pag-aari. 22 At sinabi ni Abram sa hari sa Sodoma: Itinaas ko ang aking kamay sa PANGINOONG Dios na Kataastaasan, na may ari ng langit at ng lupa, 23 isinumpa kong hindi ako kukuha maging isang sinulid, o maging isang panali ng panyapak, o ng ano mang nauukol sa iyo, baka iyong sabiling: Pinayaman ko si Abram: 24 liban na lamang ang kinain ng mga binata at ang bahagi ng mga lalaking kinasama ko; si Aner, si Eskol, at si Mamre; ay magsisikuha ng kanilang bahagi.

15 Pagkatapos ng mga bagay na ito ay dumating ang salita ng PANGINOON kay Abram sa malikmata na nagsabing: Huang kang matakot Abram; ako ang iyong kalasag, ang iyong ganti na lubhang malaki. 2 At sinabi ni Abram: Oh, PANGINOONG Dios, | Anong ibibigay mo sa akin, kung ako'y nabubuhay na walang anak at ang mag-aari ng aking bahay ay itong taga Damaskong si Eliezer? 3 At sinabi ni Abram: Narito, hindi mo ako binigyan ng lahi, at, narito't isang ipinanganak sa aking bahay ang siyang tagapagmana ko. 4 At, narito, ang salita ng PANGINOON ay dumating sa kaniya, na sinabing: Hindi ang tawong ito ang magiging tagapagmana mo niyaon; kungdi lalabas sa iyong sariling tiyan ang magiging tagapagmana mo. 5 At siya'y inilabas at sinabing: Tumingin ka ngayon sa langit, at iyong bilangin ang mga bituin, kung mabibilang mo: at sa kaniya'y sinabing: | Magiging gayan ang iyong binhi! 6 At sumanapataya siya sa PANGINOON; at ito'y ibinilang niyang kabanalan sa kaniya. 7 At sinabi niya sa kaniya: Ako ang PANGINOON na nagpaalis sa iyo sa Ur ng mga Kaldeo, upang ibigay sa iyo ang lupaing ito upang manahin mo. 8 At sinabi niya: Oh Panginoong Dios, | paanong pagkakalala ko na aking namanahin? 9 At sinabi sa kaniya: Magdala ka rito sa akin ng isang

dumalagang bakang tatlong taon ang gulang, at ng isang babayeng kambing na tatlong taon ang gulang, at ng isang lalaking tupang tatlong taon ang gulang, at ng isang inakay ng kalapati, at ng isang inakay ng batobato. **10** At dinala niya ang lahat ng ito sa kaniya, at pinaghati niya sa gitna, at kaniyang inilagay ang bawat kalahati sa tapat ng kabati: datapua't hindi binati ang mga ibon. **11** At nagsisibaba ang mga ibong mandadagit sa ibabaw ng mga bangkay at mga binubugaw ni Abram. **12** At ng lulubog na ang araw ay nakatulong si Abram ng mahimbing; at, narito, ang isang kasindaksindak na malaking kadiliman ay sumakaniya, **13** At sinabi ng Dios kay Abram: Tunay na pakatalastasin mo, na ang iyong binhi ay magiging taga ibang bayan sa lupaing hindi kanila, at mangaglilingkod sa mga yaon; at pahihirapang apat na raang taon; **14** at yaon namang nacióng kanilang paglilingkuran ay aking hahatulan: at pagkatapos nito ay aalis silang may malaking pag-aari. **15** Datapua't ikaw ay payapang pasa sa iyong mga magulang; at ikaw ay malilibing sa mabuting katandaan. **16** At sa ikaapat na lahi, sila'y magsisipagbalik dito: sapagka't hindi pa nalulubos ang kasam-an ng mga Amorreo. **17** At nangyari, na paglubog ng araw, at pagdilim, na narito, ang isang hurnong umuusok, at ang isang tanlaw na nagniningas na dumadaan sa gitna ng mga hinating hayop. **18** Ng araw na yaon, ang PANGINOON ay nakipagtipan kay Abram, na nagsabing: Sa iyong binhi ibinigay ko ang lupaing ito, mula sa ilog ng Egipto hangang sa malaking ilog, sa ilog Eufrates: **19** ang mga Kineo, at ang mga Kinizeo, at ang mga Kadmoneo, **20** at ang mga Heteo, at ang mga Perezco, at ang mga Refaita, **21** at ang mga Amorreo, at ang mga Kananeo, at ang mga Gergeseo, at ang mga Jebuseo.

**16** Si Sarai nga na asawa ni Abram ay hindi nagkaanak sa kaniya: at siya'y may isang alilang babaye na taga Egipto; na nagnangalang Agar. **2** At sinabi ni Sarai kay Abram: Narito, ngayon, ako'y hinadlangan ng PANGINOON na ako'y magkaanak: ipinamamanhik ko sa iyong sumiping ka sa aking alilang babaye, marahil ay magkakaanak ako sa pamanag-itan niya. At dininig ni Abram ang voces ni Sarai. **3** At kinuha ni Sarai ang asawa ni Abram, si Agar na taga Egipto,

na kaniyang alila, pagkaraan ng sumpuong taon na tumatahan si Abram sa lupain ng Kanaan, at ibinigay kay Abram na kaniyang asawa upang maging asawa niya. **4** At siya'y sumiping kay Agar, at naglihi: at ng makita niyang siya'y naglihi, niwalang halaga ang kaniyang panginoong babaye sa kaniyang mga mata. **5** At sinabi ni Sarai kay Abram: Ang aking pagkaapi ay sumaiyo; idinulot ko ang aking isang sa iyong sinapupunan, nguni't ng makita niyang siya'y naglihi, ako'y niwalang kabuluhan sa kaniyang mga mata: ang PANGINOON ang humatol sa akin at sa iyo. **6** Datapua't sinabi ni Abram kay Sarai: Narito, ang iyong alila ay nasa iyong kamay; gawin mo sa kaniya ang iyong minamagaling sa iyong mga mata. At dinuhagi siya ni Sarai, at si Agar ay tumakas mula sa kaniyang harap. **7** At nasumpungan siya ng angel ng PANGINOON sa tabi ng isang bukal ng tubig sa ilang, sa bukal na nasa daang patungo sa Shur. **8** At sinabing: Agar, alila ni Sarai, saan ka nangaling? at saan ka paroroon? at kaniyang sinabing: Ako'y tumakas mula sa harap ni Sarai na aking panginoon. **9** At sinabi sa kaniya ng angel ng PANGINOON: Magbalik ka sa iyong panginoon, at sumuko ka sa kaniyang mga kamay. **10** At sinabi sa kaniya ng angel ng PANGINOON: Pararamihin kong mainam ang iyong binhi, na hindi mabibilang dahil sa karamihan. **11** At sinabi sa kaniya ng angel ng PANGINOON: Narito't ikaw ay naglihi, at ikaw ay manganganak ng isang lalaki, at ang itatawag mo sa kaniyang ngalan ay Ismael, sapagka't dininig ng PANGINOON ang iyong kadalamhatian. **12** At siya'y magiging parang asnong bundok sa gitna ng mga tawo; ang kaniyang kamay ay magiging laban sa lahat, at ang kamay ng lahat ay laban sa kaniya; at siya'y tatahan sa harap ng lahat niyang mga kapatid. **13** At kaniyang tinawag ang ngalan ng PANGINOON na nagsalita sa kaniya: Ikaw ay Dios na nakakakita; sapagka't sinabi niya, na Namasdan ko rin baga dito sa pagsunod ng tingin niyaong nakakakita sa akin? **14** Kaya't nginalanan ang balong yaon, Balon ng Nabubuhay-na-nakakakita-sa-akin: narito't ito'y nasa pag-itan ng Kades at Bered. **15** At nanganak si Agar ng isang lalaki kay Abram; at ang itina-wag ni Abram na pangalan sa kaniyang anak na ipinanganak ni Agar, ay Ismael. **16** At si Abram ay may walong puot

anim na taon ng ipinanganak si Ismael ni Agar kay Abram.

**17** At ng si Abram ay may siam na puo't siam na taon, napakita ang **PANGINOON** kay Abram, at sa kaniya'y nagsabing: Ako ang Dios na Makapang-yarihan-sa-lahat: lumakad ka sa harap ko, at magpakasakdal ka. **2** At ako'y makikipagtipan sa iyo, at ikaw ay aking pararamihing mainam. **3** At nagpatirapa si Abram: at ang Dios ay nakipag-usap sa kaniya, na nagsabing: **4** Tungkol sa akin, narito, ang aking tipan ay sumasayo, at ikaw ang magiging ama ng karamihang mga nasyon. **5** At hindi na tatawagin ang pangalan mong Abram, kungdi Abraham ang magiging iyong pangalan; sapagka't ikaw ay ginawa kong ama ng karamihang mga nasyon. **6** At ikaw ay aking gagawing totoong malago at papangagalingin ko sa iyo ang mga nasyon; at magbubuhay sa iyo ang mga hari. **7** At aking papagtitibayin ang aking tipan sa iyo at sa iyong binhi, pagkamatay mo sa boong kalahian nila, na tipang walang hangan, na ako'y magiging iyong Dios, at ng iyong binhi, pagkamatay mo. **8** At ibibigay ko sa iyo, at sa iyong binhi, pagkamatay mo, ang lupaing iyong mga pinaglakbayan, ang boong lupain ng Kanaan, na pag-aaring walang hangau; at ako ang magiging Dios nila. **9** At sinabi pa ng Dios kay Abraham: At tungkol sa iyo, iingatan mo ang aking tipan, mo at ng iyong binhi, pagkamatay mo, sa boong kalahian nila. **10** Ito ang aking tipan na inyong iingatan sa akin at sa iyo, at ng iyong binhi, pagkamatay mo; tutuliin ang baw't lalaki sa iyo. **11** At kayo'y tutuliin sa laman ng inyong busisi, at ito ang magiging tanda ng aking tipan sa iyo. **12** At ang may walong araw ay tutuliin sa iyo, ang baw't lalaki sa boong kalahian ninyo; ang ipinanganak sa bahay, o' ang binili ng salapi sa sino mang taga-ibang lupa na hindi sa iyong binhi. **13** At ang ipinanganak sa bahay at ang binili ng iyong salapi; ay dapat tulin: at ang aking tipan ay sasa iyong laman na pinakatipang walang hangan. **14** At ang lalaking hindi tuli, na hindi tinuli ang laman ng kaniyang busisi, ang tawong yaon ay mahihiwalay sa kaniyang bayan; sinira niya ang aking tipan.

**15** At sinabi ng Dios kay Abraham: Tungkol kay Sarai na iyong asawa, huag mo ng tatawagin ang kaniyang pangalang

Sarai, kungdi Sara ang magiging kaniyang pangalan. **16** At akin siyang pagpapalain, at bukod dito'y sa kaniya'y bibigyan kita ng anak: oo, siya'y aking pagpapalain, at magiging ina ng mga nasyon; ang mga hari ng mga bayan ay magmumula sa kaniya. **17** Ng magkagayo'y si Abraham ay nagpatirapa at nagtawa, at nagsabi sa kaniyang puso: Magkakaanak ba siya na may isang daang taon na? at manganganak pa kaya si Sara sa may siam na puong taon na? **18** At sinabi ni Abraham sa Dios: Kahi manuari, si Ismael ay mabuhay sa harap mo! **19** At sinabi ng Dios: Hindi, kungdi ang iyong asawang si Sara ay magkakaanak sa iyo, at tatawagin mo ang kaniyang ngalang Isaak: at aking pagtitibayin ang aking tipan sa kaniya na pinakatipang walang hangan, sa kaniyang binhi pagkatapos niya. **20** Tungkol kay Ismael, dininig din kita. Narito't akin siyang pinagpala, at siya'y aking papag-aanakin ng marani, at siya'y aking pararamihing mainam; labing dalawang pangulo ang kaniyang magiging anak, at siya'y gagawin kong malaking nasyon. **21** Nguni't ang aking tipan ay pagtitibayin ko kay Isaak, na iaanak sa iyo ni Sara, sa tadhayang araw, sa taong darating. **22** At ng matapos na makipag-usap sa kaniya, ay umaklat ang Dios mula sa siping ni Abraham. **23** At ipinagsama ni Abraham si Ismael, na kaniyang anak, at ang lahat na ipinanganak sa kaniyang bahay, at ang lahat ng binili niya ng kaniyang salapi, ang lahat ng lalaki sa mga lalaking kasambahay ni Abraham, at tinuli ang laman ng kanilang busisi, ng araw ding yaon, ayon sa sinabi ng Dios sa kaniya. **24** At si Abraham ay may siam na puo't siam na taon, ng tulin ang laman ng kaniyang busisi. **25** At si Ismael ay may labing tatlong taon, ng tulin ang laman ng kaniyang busisi. **26** Ng araw ding yaon, tinuli si Abraham, at si Ismael na kaniyang anak. **27** At lahat ng mga lalaking kasambahay niya, maging ang mga ipinanganak sa bahay, at ang mga binili ng salapi sa taga-ibang lupain, pinagtuling kasama niya.

**18** At napakita ang **PANGINOON** sa kaniya sa mga punong encina sa Mamre, habang siya'y nakaupo sa pintuan ng dampa, ng kainitan ng araw; **2** at itinaas ang kaniyang mga mata at tumingyo, at, narito't tatlong lalaki ay nakatayo sa tabi niya: at pagkakita niya sa kanila, siya'y tumakbo upang sila'y salubungin mula sa pintuan ng dampa at

vumukod siya sa lupa, 3 at nagsabing: Panginoon ko, kung ngayo'y ako'y nakasundo ng biyaya sa iyong paningin, ipina-mamanhik ko sa iyo, na luag mong pagdaandaan ang iyong alipin: 4 Itulot mong magdala rito ng kaonting tubig, at maghugas kayo ng inyong mga paa, at mangagpahinga kayo sa lilim ng kahoy: 5 at magdadala ako ng isang subong tinapay at inyong palakasin ang inyong puso; at pagkatapos ay magsisipagtuloy kayo; yamang kayo'y naparito sa inyong alipin. At nagsipagsabing: Mangyari ang gayon, ayon sa iyong sinabi. 6 At si Abraham ay nagmadaling napasa dampa ni Sara, at sinabing: Maghanda ka agad ng tatlong takal na bulaklak ng harina, iyong tapayin at gawin mong mga torta. 7 At tumakbo si Abraham sa bakahan at nagdala ng isang mabuting guya, at ibinigay sa alipin, at siya'y nagmadali, upang lutuin. 8 At siya'y kumuha ng mantekilla, at ng gatas, at ng guyang niluto niya at inihayin sa harap nila; at siya'y tumayo sa siping nila sa lilim ng punong kahoy; at sila'y nagsikain. 9 At sinabi nila sa kaniyang: ¿Saan naroon si Sarang iyong asawa? At sinabi niyang: Narito, nasa dampa. 10 At sinabi niyang: Walang salang di ako babalik sa iyo sa taong darating; at narito't si Sarang iyong asawa ay magkakaanak ng isang lalaki. At pinakilingan ni Sara sa pintuan ng dampa, na nasa likod niya. 11 Si Abraham at si Sara nga'y matatanda na, at lipas na sa panahon; at tinigilan na si Sara ng kaugalian ng mga babaye. 12 At nagtawa si Sara sa kaniyang sarili, na nagsabing: ¿Pagkatapos na ako'y tumanda ay magtatamo ako ng kaligayahan; at matanda na rin naman ang panginoon ko? 13 At sinabi ng PANGINOON kay Abraham: ¿Bakit natakaw si Sara, na nagsabing: ¿Tunay bagang ako'y manganganak, ngayong ako'y tumanda? 14 ¿May ano mang bagay kayang napakahirap sa PANGINOON? sa tadhana ng panahon ay babalik ako sa iyo, sa taong darating, at si Sara ay magkakaanak ng isang lalaki. 15 Ng magkagayo'y nagkaila si Sara, na sinabing: Hindi ako tumawa, sapagka't natakot. Ngunit sinabi niyang: Hindi gayon, kungdi ikaw ay tumawa.

16 At nangagtindig doon ang mga lalaki, at nangangitingin sa dakong Sodoma: at sinamahan sila ni Abraham, upang ihatid sila sa daan. 17 At sinabi ng PANGINOON:

¿Ilihim ko бага kay Abraham ang aking gagawin; 18 yamang si Abraham ay tunay na magiging isang nacióng malaki at matibay, at pagpapalain sa kaniya ang lahat na mga nacióng sa lupa? 19 Sapagka't siya'y aking kinilala, upang siya'y mag-utos sa kaniyang mga anak, at sa kaniyang sambahayan, pagkamatay niya, na maingatan nila ang daan ng PANGINOON, ng gumawa ng kabanalan, at kahatulan; ng upang padatnin ng PANGINOON kay Abraham ang kaniyang ipinangako tungkol sa kaniya. 20 At sinabi ng PANGINOON: Sapagkat ang sigaw ng Sodoma at Gomorra ay malakas, at sapagka't ang kasalanan nila ay napakabigat; 21 ako'y bababa ngayon at titingnan ko kung ginawang lubos ayon sa sigaw niya na dumarating hangang sa akin; at kung hindi ay aking malalaman. 22 At ang mga lalaki ay nagsitalikod doon, at nagsitungo sa Sodoma; datapua't si Abraham ay nakatayo pa sa harap ng PANGINOON. 23 At lumapit si Abraham, at nagsabing: ¿Ang mga banal бага ay iyong lilipuling kasama ng mga masama? 24 Marahil ay may limang puong banal sa loob ng ciudad: ¿lilipulin mo ba, at di mo patatawarin ang lugar ng Sodoma, alang-alang sa limang puong banal na nasa loob noon? 25 ¿Malayo nawa sa iyo ang paggawa ng ganito, na ang banal ay iyong pataying kasama ng masama, na ang banal ay mapara sa masama! ¿Malayo nawa ito sa iyo! ¿Ang hukom ng boong lupa, di бага gagawa ng matuid? 26 At sinabi ng PANGINOON: Kung makasumpung ako sa Sodoma ng limang puong banal sa loob ng ciudad, patatawarin ko ang boong lugar, alang-alang sa kanila. 27 At sumagot si Abraham, at nagsabi: Narito, ngayo'y nangahas akong magsalita sa Panginoon, akong alabok at abo lamang: 28 marahil ay magkukulang ng lima sa limang puong banal: ¿lilipulin mo бага, dahil sa limang kulang, ang boong ciudad? At sinabi niyang: Hindi ko lilipulin kung makasumpung ako doon ng apat na puo't lima. 29 At siya'y muling nagsalita pa sa kaniya, at nagsabing: Marahil ay may masusumpungang apat na puo. At sinabi niya: Hindi ko gagawin, alang-alang sa apat na puo. 30 At sinabi niyang: Oh luag magalit ang Panginoon, at ako'y magsasalita: Marahil ay may masusumpungang doong tatlong puo. At sinabing: Hindi ko gagawin kung makakasumpung ako doon ng tatlong puo. 31 At sinabing: Narito, ngayon ako'y

nangahas na magsalita sa Panginoon: marahil ay may masusumpungan doong dalawang puo. At sinabi niyang: Hindi ko lilipulin, alang-alang sa dalawang puo. **32** At sinabi niya: Oh huag magalit ang Panginoon, at magsasalita na lamang akong minsan: Marahil ay may masusumpungan doong sampuo: At sinabi niyang: Hindi ko lilipulin, alang-alang sa sampuo. **33** At ang PANGINOON ay nagpatuloy, pagkatapos na makipag-usap kay Abraham: at si Abraham ay nagbalik sa kaniyang lugar.

**19** Nagsidating ang dalawang angel sa Sodoma, ng hapon; at si Lot ay nakanpo sa pintuan ng Sodoma: at sila'y nakita ni Lot, at nagtinding upang salubungin sila; at iniyukod ang mukha sa lupa; **2** at nagsabing: Narito, ngayon, mga panginoon ko, ipinamamanhik ko sa inyo na kayo'y magsiliko at magsipasok sa bahay ng inyong alipin, at kayo'y magpabinga sa boong magdamag, at maghugas ng inyong mga paa, at sa madinging araw kayo'y magsi-pagbangon at magpatuloy ng inyong paglakad. At kanilang sinabing: Hindi, kungdi sa langsaanang manaaahan kami sa boong magdamag. **3** At kaniyang pinakapilit sila, naibalik niya, at nagsipasok sa kaniyang bahay; at sila'y kaniyang pinaghandaan, at nagluto ng mga tinapay na walang lewadura, at nagsikain. **4** Datapua't bago nagsihiga ang mga tawo sa ciudad, kinulong ng mga tawo sa Sodoma, ang bahay, ng mga binata at gayon din ng mga matanda, ng boong bayan ang boong palibot; **5** at kanilang tinawayan si Lot, at sinabi sa kaniyang: ; Saan nangaroon ang mga lalaking dumating sa iyo, ng gabing ito? ilabas mo sila sa amin upang kilalanin namin sila. **6** At nilabas sila ni Lot sa pintuan, at isinara ang pinto sa hulihan niya. **7** At sinabi: Ipinamamanhik ko sa inyo, mga kapatid ko, na huag kayong gumawa ng ganiyang kasam-an. **8** Naritong, ngayon, may dalawa akong anak na babaye, na hindi nakakilala ng lalaki; ipinamamanhik ko sa inyo, ako'y tulatang sila'y ilabas ko sa inyo, at gawin niyo sa kanila ang magalingin sa inyong mga mata; huag lamang niyong gawan ng ano man ang mga lalaking ito; yamang sila'y nagsipasok sa lilim ng aking bubungan. **9** At sinabi nilang: ; Alis diyan! At sinabi pa nila: ; Ang kato-tong ito'y naparito upang mangibang-bayan, at ibig niyang maging hukom!

Ngayon nga'y gagawan ka namin ng lalong masama kay sa kanila. At kanilang dinaluhong ang lalaking si Lot, at nagsilapit upang sirain ang pintuan. **10** Datapua't inunat ang kamay ng mga lalaki at ipinasok si Lot sa loob ng bahay na kasama nila, at kanilang sinarhan ang pintuan. **11** At ang mga tawong nasa pintuan ng bahay ay mga pinagbulag nila, ang maliliit at ang maalaki: na ano pa't sila'y nangapagal ng paghahanap ng pintuan. **12** At sinabi ng mga lalaki kay Lot: ; Sinosino pa ang iyo fito? Mga manugang, at ang iyong mga anak na lalaki at babaye, at ang lahat ng iyo sa ciudad ay ialis mo sa lugar na ito: **13** sapagka't aming lilipulin ang lugar na ito dahil sa napakalakas ang kaniyang sigaw sa harap ng PANGINOON; at kami ay sinugo ng PANGINOON upang aming lipulin. **14** At si Lot ay umalis, at pinagsabihan ang kaniyang mga manugang na nag-asawa sa kaniyang mga anak na babaye, at sinabing: ; Magtinding kayo, umalis kayo sa lugar na ito; sapagka't gugunawin ng PANGINOON ang ciudad! Datapua't ang akala ng kaniyang mga manugang ay siya'y nagbibiro. **15** At ng magbukang liwayway ay pinapagmadali ng mga angel si Lot, na sinabing: ; Magbangon ka, ipagsama mo ang iyong asawa at ang iyong dalawang anak na babaye na narito, baka pati ikaw ay madamay sa parusa sa ciudad! **16** Datapua't siya'y nagluluat; at kinapitan ng mga lalaki ang kaniyang kamay, at ang kamay ng kaniyang asawa, at ang kamay ng kaniyang dalawang anak na babaye; sa habag sa kaniya ng PANGINOON: at siya'y kanilang inilabas, at siya'y kanilang inilagay sa labas ng ciudad. **17** At nangyari, na ng sila'y mailabas, ay sinabi: Itakas mo ang iyong buhay; huag kang lumingon o huminto man sa boong kapatagan; tumakas ka hangang sa bundok, baka ikaw ay mamatay. **18** At sinabi sa kanila ni Lot: Huag ganiyan, panginoon ko. **19** narito, ngayon, ang iyong alipin ay nakasumpung ng biyaya sa iyong pangingin, at pinakalaki mo ang iyong awang ipinakita sa akin sa pagliligtas ng aking buhay; at ako'y di makatatakas sa bundok, baka ako'y abutan ng masama, at ako'y mamatay: **20** tingnan mo, ang ciudad na ito ay malapit upang doon ako tumakas, at maliit: Oh tulutan mong tumakas ako doon, (di ba gaya'y maliit?) at mabubuhay ang aking kalulua. **21** At sinabi sa kaniya:



Tingnan mo't aking tinangap ikaw tungkol dito naman sa bagay na ito, na hindi ko gugunawin ang ciudad na iyong sinalita.

22 Magmadali ka, tumakas ka doon; sapagka't wala akong magagawa hangang sa dumating ka doon. Kaya't ang ipinangalan sa ciudad na yaon ay Zoar.

23 Ang araw ay nakalitaw na sa lupa ng dumating si Lot sa Zoar. 24 Ng magkagayo'y nagpaulan ang PANGINOON sa Sodoma at sa Gomorra ng azufre at apoy mula sa PANGINOON na buhat sa langit;

25 at ginunaw niya ang mga ciudad na yaon, at ang boong kapatagan, at ang lahat ng mga mananahan sa mga ciudad, at ang tumutubo sa lupa. 26 Datapua't ang asawa ni Lot ay lumingon mula sa likuran ni Lot, at naging haliging asin.

27 At si Abraham ay nagbangong maaga at napasa lugar na kinatayuan niya sa harap ng PANGINOON: 28 At siya'y tumingin sa dakong Sodoma at Gomorra, at sa boong lupain ng kapatagan, at ng tumanaw, at narito't ang usok ng lupain ay napailang-lang na parang usok ng isang hurno.

29 At nangyari, na ng gunawin ng Dios ang mga ciudad ng Kapatagan, na naa-laala ng Dios si Abraham, at nagpasugo kay Lot sa gitna ng pinaggunawan, ng gunawin ang mga ciudad na kinatitirahan ni Lot.

30 At umaklat si Lot mula sa Zoar at tumira sa bundok, at ang kaniyang dalawang anak na babaye na kasama niya; sapagka't siya'y natakot na tumira sa Zoar: ay tumira nga sa isang yungib, siya at ang kaniyang dalawang anak na babaye. 31 At sinabi ng panganay sa bunso: Ang ating ama ay matanda, at walang lalaki sa lupa na sumiping sa atin, ayon sa ugali ng sangkalupaan: 32 halika, painomin natin ng alak ang ating ama, at tayo'y sumiping sa kaniya; upang maingatan natin ang binhi ng ating ama. 33 At pinainom nila ng alak ang kanilang ama ng gabing yaon; at pumasok ang panganay at sumiping sa kaniyang ama; at hindi nalaman ng ama ng siya'y mahiga, at ng siya'y magbangon. 34 At nangyari ng kinabukasan, na sinabi ng panganay sa bunso: Narito, ako'y sumiping kagabi sa aking ama; painomin din natin ng alak sa gabing ito, at pumasok ka, at sumiping ka sa kaniya, upang maingatan natin ang binhi ng ating ama. 35 At pinainom din nila ng alak ang kanilang ama ng gabing yaon;

at nagtindig ang bunso, at sumiping sa ama; at hindi nalaman ng ama ng siya'y sumiping, o ng siya'y magbangon man.

36 Sa ganito'y kapua nagdalang tawo ang mga anak ni Lot sa painamag-itan ng kanilang ama. 37 At nanganak ang panganay ng isang lalaki, at tinawag ang kaniyang ngalang Moab: siya nga ang ama ng mga Moabita, hangang ngayon. 38 At ang bunso ay nanganak din ng isang lalaki, at tinawag ang kaniyang pangalang Ben-am-mi: siya nga ang ama ng mga anak ni Ammon, hangang ngayon.

20 At mula doon ay naglakbay si Abraham sa dakong lupain ng Timugan, at tumahan sa pag-itan ng Kades at Shur; at siya'y nangibang-bayan sa Gerar. 2 At sinasabi ni Abraham tungkol kay Sarang kaniyang asawa: Siya'y aking kapatid: at si Abimelek na hari sa Gerar, nagsugo at kinuha si Sara. 3 Datapua't naparoon ang Dios kay Abimelek sa panaginip sa gabi, at sa kaniya'y sinabi: ¶ Narito, ikaw ay isang patay lamang dahil sa babayeng iyong kinuha; sapagka't siya'y asawa ng isang lalaki! 4 Ngunit si Abimelek ay hindi sumisiping sa kaniya: at sinabi niya: PANGINOON, ¿papatayin mo baga pati ng isang nacióng banal? 5 ¶ Hindi baga siya rin ang nagsabi sa akin. Siya'y aking kapatid? at si Sara ay nagsabi rin naman: Siya'y aking kapatid. Sa katapatan ng aking puso, at kawalang malay ng aking mga kamay, ginawa ko ito. 6 At sinabi sa kaniya ng Dios sa panaginip: Oo, talastas ko, na sa katapatan ng iyong puso ay ginawa mo ito, at hinadlangan rin naman kita sa pagkakasala ng laban sa akin: kaya't hindi ko ipinahintulot sa iyong galawin mo siya. 7 Ngayon nga'y isauli mo ang asawa ng lalaking ito; sapagka't siya'y profeta, at ikaw ay ipananalangin niya, at mabubuhay ka, at kung di mo siya isauli, talastasin mong walang pagsalang mamamatay ka, ikaw at ang lahat ng iyo. 8 At si Abimelek ay nagbangong maaga ng kinaumagahan at tinawag ang lahat niyang lingkod, at sinabi sa kanilang mga pakinig ang lahat ng mga bagay na ito: at ang mga tawo'y natakot na mainam. 9 Ng magkagayo'y tinawag ni Abimelek si Abraham, at sa kaniya, sinabi: ¶ Anong ginawa mo sa amin? ¿at sa ano ako nagkasala laban sa iyo, upang dalhan ma ako at ang aking kabarian, ng isang malaking kasalanan? Ginawa mo sa akin ang mga gawang di marapat gawin. 10 At

sinabi ni Abimelek kay Abraham: ¿Anong nakita mo upang gawin mo ang bagay na ito? **11** At sinabi ni Abraham: Sapagka't inisip ko, na: Tunay na wala lang takot sa Dios sa lugar na ito; at papatayin nila ako dahil sa aking asawa. **12** At buked dito'y sa katotohanang siya'y kapatid ko; anak ng aking ama, datapua't hindi anak ng aking ina; at siya'y naging asawa ko: **13** at nangyari, na ng ako'y palayasin ng Dios sa bahay ng aking ama, na sinabi ko sa kaniya: Ito ang inangandang kalooban mo na maipakikita sa akin; sa lahat ng lugar na ating datnin, sasabihin mo tungkol sa akin: Siya'y aking kapatid. **14** At si Abimelek ay kumuha ng mga tupa at mga vaka, at mga aliping lalaki at babaye, at mga ibinigay kay Abraham, at isinauli sa kaniya si Sara na kaniyang asawa. **15** At sinabi ni Abimelek: Narito, ang lupain ko ay nasa harap mo: kung saan mo magalingin tumahan ka. **16** At kay Sara'y sinabi: Narito, nagbigay ako ng isang libong pirasong pilak sa iyong kapatid: narito, ito, sa iyo'y piring sa mga mata sa lahat ng kasama mo; at sa harap ng lahat ay ikaw ay nagbangong puri. **17** At nanalangin si Abraham sa Dios, at pinagaling ng Dios si Abimelek, at ang kaniyang asawa, at ang kaniyang mga aliping babaye, na ano pa't nagkaanak sila. **18** Sapagka't sinarhan agad ng PANGINGOON ang lahat ng bahay-bata sa bahay ni Abimelek; dahil kay Sara, na asawa ni Abraham.

**21** At dumalaw ang PANGINGOON kay Sara, ayon sa sinabi niya, at ginawa ng PANGINGOON kay Sara ang ayon sa kaniyang sinalita. **2** At si Sara ay naglihi at nagkaanak ng isang lalaki kay Abraham sa kaniyang katandaan, sa tad hanang panahong sinabi ng Dios sa kaniya. **3** At tinawag na Isaak ni Abraham ang ngalan ng kaniyang anak na ipinanganak sa kaniya, na siyang ipinanganak ni Sara. **4** At tinuli ni Abraham si Isaak ng magkaroon siya ng walong araw, gaya ng ipinagutos ng Dios sa kaniya. **5** At si Abraham ay may isang daang taon ng sa kaniya'y ipanganak si Isaak na kaniyang anak. **6** At sinabi ni Sara: Pinatawa ako ng Dios; sino mang makarinig ay tatawang gaya ko. **7** At sinabi niya: ¿Sinong magsasabi kay Abraham na si Sara ay magpapasuso ng mga anak? sapagka't ako'y nagkaanak sa kaniya ng isang lalaki sa kaniyang katandaan.

**8** At lumaki ang sangol at inihwalay

sa suso; at nagpiging ng malaki si Abraham ng araw na ihwalay sa suso si Isaak. **9** At nakita ni Sara ang anak ni Agar na taga Egipto, na ito'y nagkaanak kay Abraham, na tumutuya sa kaniya. **10** Kaya't sinabi niya kay Abraham: Palayasin mo ang aliping ito at ang kaniyang anak: sapagka't hindi nagmamana ang anak ng aliping ito na kasama ng aking anak, na kasama ni Isaak. **11** At ang bagay na ito ay minabigat na totoo sa paningin ni Abraham dahil sa kaniyang anak. **12** Nguni't sinabi ng Dios kay Abraham: Huag mong mabigatin ito sa iyong paningin; dahil sa bata at dahil sa iyong alipin; sa lahat na sabihin sa iyo ni Sara ay dingin mo ang kaniyang voces; sapagka't kay Isaak tatawagin ang iyong binhi. **13** At sa anak din naman ng alipin ay gagawa ako ng isang nacion, sapagka't siya'y binhi mo. **14** At nagbangon ng maaga sa kinaumagahan si Abraham, at kumuha ng tinapay at ng isang bangang balat ng tubig, at ibinigay kay Agar, na ipinatong sa kaniyang balik, at ang bata at siya ay pinagpaalam, at siya'y nagpaalam at naggala sa ilang ng Beer-seba. **15** At nagbangong tubig sa bangang balat, at kaniyang inilapag ang bata sa ilalim ng isa sa mga punong kahoy. **16** At yumaon at naupo sa tapat niya, na ang layo ay isang hilagpos ng pana: sapagka't sinabi niya: Huag kong makita ang kamatayan ng bata. At naupo sa tapat, at nagbihiyaw at umiyak. **17** At narinig ng Dios ang voces ng bata; at tinawag ng angel ng Dios si Agar, mula sa langit, at sa kaniya'y sinabi: ¿Naano ka Agar? Huag kang matakot; sapagka't narinig ng Dios ang voces ng bata sa kinalalagyan. **18** Magtindig ka, iyong itayo ang bata, at alalayan mo siya ng iyong kamay, sapagka't siya'y gagawin kong isang nacióng malaki. **19** At idinilat ng Dios ang kaniyang mga mata, at siya'y nakakita ng isang balon ng tubig; at naparoon at pinuno ang bangang balat ng tubig; at pinainom ang bata. **20** At ang Dios ay sumabata, at ito'y lumaki, at tumahan sa ilang at naging mamamana. **21** At nanahan siya sa ilang ng Paran: at ikinuha siya ng kaniyang ina ng asawa sa lupain ng Egipto.

**22** At nangyari ng panahong yaon, na si Abimelek, at si Fikol na kapitan ng kaniyang hukbo ay nagsalita kay Abraham, na sinabing: Sumasayo ang Dios sa lahat mong ginagawa: **23** ngayon nga'y ipanumpa mo sa akin dito alang-

alang sa Dios, na di ka maglililo sa akin, kahit sa aking anak, kahit sa anak, ng aking anak; kungdi ayon sa magandang-loob na ginamit ko sa iyo, gayon ang gagawin mo sa akin, at sa lupaing iyong pinangibahaug-bayan. **24** At sinabi ni Abraham: Susumpa ako. **25** At pinag-wikaan ni Abraham si Abimelek dahil sa isang balon ng tubig, na sa dahas ay inalis sa kaniya ng mga alipin ni Abimelek. **26** At sumagot si Abimelek: Aiwan, kung sinong gumawa ng bagay na ito, na di mo man sinabi sa akin, at hindi ko man nabalitaan kungdi ngayon. **27** At kumuha si Abraham ng mga tupa, at mga vaka, at mga ibinigay kay Abimelek; at gumawa silang dalawa ng isang tipan. **28** At ibinukod ni Abraham ang pitong corderong babaye sa kawan. **29** At sinabi ni Abimelek kay Abraham: Anong kahulugan nitong pitong corderong babaye na iyong ibinukod? **30** At kaniyang sinabi: Itong pitong corderong babaye ay iyong kukunin sa aking kamay, upang sa akin ay maging patotoo na hinukay ko ang balong ito. **31** Kaya't tinawag ang lugar na yaong Beer-seba; sapagka't doon sila kapua nanumpa. **32** Sa gayo'y gumawa sila ng isang tipan sa Beer-seba: at nagtindig si Abimelek, at si Pikel na kapitan ng kaniyang hukbo, at nagsipagbalik sa lupain ng mga Filisteo. **33** At nagtanim si Abraham ng isang kahoy na tamariz sa Beer-seba, at binangit doon ang pangalan ng PANGINOONG Dios na walang hangan. **34** At si Abraham ay nangibang-bayang mahabang araw sa lupain ng mga Filisteo.

**22** At nangyari pagkatapos ng mga bagay na ito, na sinubok ng Dios si Abraham, at sa kaniya'y sinabing: Abraham! At sinabi niyang: Narito ako. **2** At sinabing: Kunin mo ngayon ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak na si Isaac, na iyong minumutya at pumaroon ka sa lupain ng Moria, at ihandog mo siya roong haying susunugin sa ibabaw ng isa sa mga bundok na aking sasabihin sa iyo. **3** At si Abraham ay bumangong maaga, at inihanda ang kaniyang asno, at ipinagsama ang dalawa sa kaniyang alila, at si Isaac na kaniyang anak; at nagpalakol ng kahoy para sa haying susunugin, at nagbangon at napa-noon sa lugar na sinabi sa kaniya ng Dios. **4** Sa ikatlong araw ay itinaas ni Abraham ang kaniyang mga mata at nakita

ang lugar sa malayo. **5** At sinabi ni Abraham sa kaniyang mga alila: Maghintay kayo rito sampuo ng asno, at ako at ang bata ay paroroon doon; at kami ay sasamba, at pagbabalikan namin kayo. **6** At kinuha ni Abraham ang kahoy ng handog na susunugin at ipinagan kay Isaac na kaniyang anak; at dinala sa kaniyang kamay ang apoy at ang sundang; at magkasamang lumakad ang dalawa. **7** At nagsalita si Isaac kay Abraham na kaniyang ama, na sinabing: Ama ko! At sinagot niya: Narito, ako, anak ko, at nagsabing: Narito ang apoy at ang kahoy; ngunit saan naroon ang corderong pinakahandog na susunugin? **8** At sinabi ni Abraham: Dios ang maghahanda ng corderong pinakahandog na susunugin, anak ko, na magkasa mang nagpatuloy ang dalawa. **9** At ng sila'y dumating sa lugar na sa kaniya'y sinabi ng Dios; ay nagtayo si Abraham doon ng isang altar, at inayos ang kahoy, at tinalian si Isaac na kaniyang anak, at inilagay sa ibabaw ng altar, sa ibabaw ng kahoy. **10** At iniunat ni Abraham ang kaniyang kamay at hinawakan ang sundang upang atayin ang kaniyang anak. **11** At tinawag ng angel ng PANGINOON siya mula sa langit, at sinabing: Abraham! Abraham! At kaniyang sinabing: Narito, ako. **12** At sa kaniya'y sinabing: Huag mong ihandulong ang iyong kamay sa bata, o gawan mo man siya ng ano man: sapagka't talastas ko ngayon, na ikaw ay natatakot sa Dios, sa paraang hindi mo itinangi sa akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak. **13** At itinaas ni Abraham ang kaniyang mga mata, at tumingning, at narito, ang isang tupang lalaki, sa dakong likuran niya na huli sa dawag sa kaniyang mga sungay; at pumaroon si Abraham, at kinuha ang tupa, at siyang inihandog na handog na susunugin na inihalili sa kaniyang anak. **14** At pinangalan ni Abraham ang lugar na yaon, ng Jehova-jireh; gaya ng kasabihan hangang sa araw na ito: Sa bundok ng PANGINOON maghahanda. **15** At tinawag ng angel ng PANGINOON si Abraham na ikalawa mula sa langit, **16** at nagsabing: Sa aking sarili ay sumumpa ako, wika ng PANGINOON, sapagka't ginawa mo ito, at hindi mo itinangi sa akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak: **17** na sa pagpapala ay pagpapalain kita, at sa pagpaparami ay pararamihin ko ang iyong binhi, gaya ng mga bituin sa langit, at

gaya ng mga bubangin sa baybayin ng dagat; at kakamtim ng iyong binhi ang pintuan ng kaniyang mga kaaway; **18** at mga pagpapalain sa iyong binhi, ang lahat ng nasyon sa lupa; sapagka't sinumod mo ang aking voces. **19** At nagbalik si Abraham sa kaniyang mga alila; at pagtindig ay nagkasamang lumakad hangang sa Beer-seba; at tumahan si Abraham sa Beer-seba.

**20** At nangyari, pagkatapos ng mga bagay na ito, na ibinalita kay Abraham na sinabi: Narito't si Milka rin naman ay nagkaroon ng mga anak kay Nakor na iyong kapatid. **21** Si Hus ang kaniyang pangnanay, at si Buz ang kaniyang kapatid, at si Kemuel na ama ni Aram; **22** si Kessel din naman, at si Hazo, at si Pildas, at si Jidlaf, at si Betuel. **23** At naging anak ni Betuel si Rebeka: ang walong ito ay naging anak ni Milka kay Nakor na kapati ni Abraham. **24** At ang kaniyang babaya na tinatawag na Reuma, ay ipinanganak din naman si Tehah, at si Gaham, at si Tahas at si Maaka.

**23** At ang bulay ni Sara ay tumagal ng isang daan at dalawang puot pitong taon: ito ang naging taon ng bulay ni Sara. **2** At namatay si Sara sa Kiryat-arba (na Hebron,) sa lupain ng Kanaan; at naparoon si Abraham na ipinagluksa si Sara at iniyakan. **3** At nagtindig si Abraham sa harap ng kaniyang patay, at nag-alita sa mga anak ni Het, na sinabing: **4** Ako'y taga-ibang lupain at mangingibang-bayan sa gitna ninyo; bigyan ninyo ako ng isang pag-aaring libingan sa gitna ninyo, upang aking libing ang aking patay, ng malingid sa aking paningin. **5** At ang mga anak ni Het ay sumagot kay Abraham, na nag-sabi sa kaniya: **6** Dingin mo kami, panginon ko: Dakilang pangulo ka sa gitna namin: sa pinakahirang sa aming mga libingan ay libing mo ang iyong patay; wala sa amin na magtatangi sa iyo ng kaniyang libingan, upang paglibingan ng iyong patay. **7** At nagtindig si Abraham, at yumukod sa bayan ng lupain, sa mga anak nga ni Het. **8** At nagsalita sa kanila, na sinabing: Kung kalooban ninyo na aking libing ang aking patay ng malingid sa aking paningin, dingin ninyo ako, at pamag-itanan ninyo ako kay Efron, anak ni Zohar, **9** upang ibigay niya sa akin ang yungib ng Makpela, na kaniyang inaari, na nasa sa hanganan ng kaniyang parang; sa tapat na halaga

ibigay niya sa akin, upang maging pag-aaring libingan sa gitna ninyo. **10** Si Efron nga ay nakaupong kumpok ng mga anak ni Het: at sumagot si Efron na Heteo kay Abraham, sa harap ng mga anak ni Het, na naririnig ng lahat na pumapasok sa pintuan ng ciudad, na sinasabing: **11** Hindi, panginon ko, dingin mo ako: ang parang ay ibinibigay ko sa iyo, at ang yungib na naroroon ay ibinibigay ko sa iyo; sa harap ng mga anak ng aking bayan, ibinibigay ka sa iyo: libing mo ang iyong patay. **12** At si Abraham ay yumukod sa harap ng bayan ng lupain. **13** At nagsalita kay Efron sa harap ng bayan ng lupain, na sinabing: ; Maanong ako lamang ay iyong pakingin! ibibigay ko sa iyo ang halaga ng parang; tangapin mo sa akin, at ibiling ko roon ang aking patay. **14** At sumagot si Efron kay Abraham, na sinabi sa kaniya: **15** Panginon ko, dingin mo ako: Ang halaga ng lupa ay apat na raang pirasong pilak; ; gaano ito sa akin at sa iyo? libing mo nga ang iyong patay. **16** Dininig ni Abraham si Efron, at tinimbang ni Abraham kay Efron ang sulaping sinabi, sa harap ng mga anak ni Het, apat na raang siklong pilak, karamiwang *sulapi* ng mga mangangalakal. **17** Kaya't ang parang ni Efron na nasa sa Makpela, na nasa sa tapat ng Mamre, ang parang, at ang yungib na nandoon, at ang lahat ng mga punong kahoy na nasa sa parang, ang mga nasa buong hangaman noon sa palibot, pinagtibay. **18** kay Abraham na pag-aari niya, sa harap ng mga anak ni Het, sa harap ng lahat na nagsisipasok sa pintuang-daan ng kaniyang ciudad. **19** At pagkatapos nito ay inilibing ni Abraham si Sarang kaniyang asawa sa yungib ng parang sa Makpela, sa tapat ng Mamre (na siyang Hebron) sa lupain ng Kanaan. **20** At ang parang at ang yungib na naroroon, pinagtibay kay Abraham ng mga anak ni Het, na pag-aaring libingan niya.

**24** At si Abraham ay natanda na, at lipas na sa panahon; at pinagpala ng PANGINON si Abraham sa lahat ng bagay. **2** At sinabi ni Abraham sa kaniyang lingkod, sa pinakamatanda sa kaniyang bahay na namamahala ng lahat niyang tinatankilik: Ipinamanuhik ko sa iyo na ilagam mo ang iyong kamay sa ilalim ng aking hita: **3** at ikaw ay aking pasusumpain, alang-alang sa PANGINON Dios ng langit at Dios ng lupa, na

hindi mo ikukuha ng asawa ang aking anak sa mga anak ng mga Kananeo na siyang aking kasamang tumataban: **4** kungdi ikaw ay paroroon sa aking lupaing at sa aking kamag-anakan, at ikukuha mo ng asawa ang aking anak na si Isaak. **5** At sinabi sa kaniya ng lingkod: Marahil ay hindi iibigin ng babaye na sumama sa akin sa lupaing ito; dapat ko bagang ibalik ang anak mo sa lupaing inalis mo? **6** At sinabi sa kaniya ni Abraham: | Inġatan mong huag mabalik ang aking anak doon! **7** Ang PANGINOON, ang Dios ng langit, na kumuha sa akin sa bahay ng aking ama, at sa lupaing aking tinubuan, at sa akin ay nagsalita, at sa akin ay sumumpa, na nagsabing: Sa iyong binhi, ibibigay ko ang lupaing ito; susuguin niya ang kaniyang angel sa unahan mo, at ikukuha mo roon ng asawa ang aking anak. **8** At kung ang babaye ay aayaw na sumama sa iyo, kung magkagayo'y maliligtas ka dito sa aking sumpa; huag mo lamang pabalikin ang aking anak doon. **9** At inilagay ng lingkod ang kaniyang kamay sa ilalim ng hita ni Abraham na kaniyang panginoon, at sumumpa sa kaniya tungkol sa bagay na ito. **10** At kumuha ang lingkod ng sampuonng kamello sa mga kamello ng kaniyang panginoon, at yumaon, na dala ang pinakamahusay sa lahat ng pag-aari ng kaniyang panginoon: at nagtindig at napasa Mesopotamia, sa ciudad ng Nakor. **11** At kaniyang pinalohod ang mga kamello sa labas ng ciudad, sa tabi ng balon ng tubig, ng dakong hapon, na kapanhunan ng labas ng mga babaye upang umigib ng tubig. **12** At sinabing: Oh PANGINOON, Dios ng aking panginoonng si Abraham, ipinamamanhik ko sa iyong handugan mo ako ng maluting kapalaran ngayon, at ikaw ay maawa sa aking panginoon kay Abraham. **13** Narito, ako'y nakatayo sa tabi ng bukal ng tubig; at ang mga anak na babaye ng mga tawo sa ciudad, nagsilabas upang umigib ng tubig: **14** at mangyari nga na ang dalagang aking pagsabihang: Ihaba mo, isinasamo ko sa iyo, ang iyong banga upang ako'y uminom; at siya'y magsabing: Uminom ka, at paimumik ko rin naman ang iyong mga kamello; maging ito ang iyong itinalaga sa iyong lingkod kay Isaak; at sa ganito ay makikilala kong nagmagan-dang loob ka sa aking panginoon. **15** At nangyari, na hago natapos ang pananalita niya, na narito si Rebekang lumalabas na

pasan ang kaniyang banga; ipinanganak sa Betuel, anak ni Milka, na asawa ni Nakor, na kapatid ni Abraham. **16** At ang dalaga ay may magandang anyo, virgen, na hindi nakakilala ng lalaki; at lumusong sa bukal, at pinuno ang kaniyang banga, at umahon. **17** At tumakbong sinalubong siya, ang alila na sina-bing: Ipinamamanhik ko sa iyong painu-min mo ako ng kaonting tubig sa iyong banga. **18** At sinabi niyang: Uminom ka, panginoon ko, at nagmadaling ibinaba ang banga sa kaniyang kamay, at pinanom siya. **19** At pakgatapos na kaniyang mapainom, sinabi niyang: Iigib ko naman ang iyong mga kamello, hangang sa makainom na lahat. **20** At ibinuhos na dalidali ang kaniyang banga sa inuman, at tumakbong muli sa balon upang umigib, at iniigib ang lahat niyang mga kamello. **21** At siya'y minamasdan ng lalaki, na hindi umiimik, upang maalaman kung pinagaling ng PANGINOON ang kaniyang paglalakbay o hindi. **22** At nangyari ng makainom ang mga kamello, na kumuha ang lalaki ng isang singsing na ginto, na may kalahating siklo sa timbang, at dalawang pulsera upang ilagay sa kaniyang mga kamay, na may timbang na sampuonng siklong ginto: **23** at sinabing: | Kani-nong anak ka? Sabihin mo sa akin, ipinamamanhik ko sa iyo, | May lugar baga sa bahay ng iyong ama upang auing matuluyan? **24** At sinabi niya sa kaniya: Anak ako ni Betuel, na anak ni Milka, na ipinanganak niya kay Nakor. **25** Sinabi rin sa kaniya: Mairoon din naman kaming saganang dayami at pagkain, at lugar na matutuluyan. **26** At lumohod ang lalaki at sumamba sa PANGINOON. **27** At sinabing: | Purihin ang PANGINOON, ang Dios ng aking panginoonng si Abraham, na hindi inilayo ang kaniyang habag at ang kaniyang pagtatapat sa aking panginoon! tungkol sa akin, pinat-nugutan ako ng PANGINOON sa daan hangang sa bahay ng mga kapatid ng aking panginoon. **28** At tumakbo ang dalaga at isinay-ay sa bahay ng kaniyang ina ang ayon sa mga salitang ito. **29** At mairoon si Rebeka na isang kapatid na nagnangangalang Laban: at tinakbo ni Laban ang lalaki, sa labas, sa bukal. **30** At nangyari, pagkakita ng singsing, at ng mga pulsera sa mga kamay ng kaniyang kapatid, at pagkarinig ng mga salita ni Rebekang kaniyang kapatid, na sinasabing: Gayon

sinalita sa akin ng lalaki; na naparoon siya sa lalaki; at, narito, ito'y nasa siping ng mga kamello, sa bukal. **31** At sinabi niyang: Pumasok ka, pinagpala ng PANGINOON! Bakit ka nakatayo sa labas? sapagka't inihanda ko ang bahay at ang lugar ng mga kamello. **32** At pumasok ang lalaki sa bahay, at kinalagan ang mga kamello, at binigyan ni *Laban* ng dayami at pagkain ang mga kamello, at ng tubig upang ipaghugas ng kaniyang mga paa, at ng mga paa ng mga tawong kasama niya. **33** At siya'y hinayinan nila ng pagkain: datapua't kaniyang sinabing: Hindi ako kakain hangang hindi ko masabi ang aking sadya. At sinabi ni *Laban*: Magasalita ka. **34** At kaniyang sinabing: Alipin ako ni Abraham. **35** At pinagpalang mainam ng PANGINOON ang aking panginoon; at siya'y naging malaki: at siya'y binigyan ng kawan at vakahap, at ng pilak at ng ginto, at ng mga aliping lalaki, at babaye, at ng mga kamello, at ng mga asno. **36** At si Sarang asawa ng aking panginoon, nagkaanak ng lalaki sa aking panginoon, ng siya'y matanda na: at siyang pinagbigyan ni Abraham ng kaniyang lahat na inaari. **37** At pinapanumpa ako ng aking panginoon, na sinabing: Huag mong ikukuha ng asawa ang aking anak sa mga anak na babaye ng mga Kananeo na siyang lupaing aking tinatahanan: **38** kungdi paroroon ka sa bahay ng aking ama at sa aking kamag-anakan, at ikuha mo roon ng asawa ang aking anak. **39** At sinabi ko sa aking panginoong: Marahil ay hindi iibigin ng babayeng sumama sa akin. **40** At kaniyang sinabi sa aking: Ang PANGINOON na sa harap niya'y ako'y lumalakad, susuguin niya sa iyo ang kaniyang angel, at kaniyang pagpapalain ang iyong lakad, at ikukuhang mo ng asawa ang aking anak sa aking kamag-anakan, at sa bahay ng aking ama: **41** kung magkagayo'y magiging laya ka sa aking sumpa, pagka ikaw ay dumating sa aking kamag-anakan; at kung hindi nila ibigay sa iyo ay magiging laya ka sa aking sumpa. **42** At dumating ako ng araw na ito, sa bukal, at aking sinabing: Oho PANGINOONG Dios ng aking panginoong si Abraham, kung ngayo'y pinagpala mo ang aking lakad na nilalakad ko: **43** narito, nakatayo ako sa tabi ng bukal ng tubig; at mangyari, na ang dalagang lumabas upang umigib, na aking pagsasabihang: Ipinamamanhik ko sa iyo, na painomin mo ako, ng kaon-

ting tubig sa iyong banḡa; **44** at magsasabi sa aking: Uminom ka, at iigib ko rin naman ang iyong mga kamello: ay maging ito ang babayeng itinalaga ng PANGINOON sa anak ng aking panginoon. **45** At bago ko nasalita sa aking puso, narito, si Rebeka, na lumalabas na pasan ang kaniyang banḡa sa kaniyang balikat; at lumusong sa bukal at umigib: at aking sinabi sa kaniyang: Ipinamamanhik ko sa iyong painomin mo ako. **46** At dalidali niyang ibinaba ang kaniyang banḡa sa kaniyang balikat, at nagsabing: Uminom ka, at painomin ko rin naman ang iyong mga kamello: sa gayo'y uminom ako, at painomin din niya ang mga kamello. **47** At siya'y aking timanong, at aking sinabing: Kaninong anak ka? at kaniyang sinabing: Anak ako ni Betuel, na anak ni Nakor, na ipinanganak sa kaniya ni Milka. At inilagay ko ang hikaw sa kaniyang ilong, at ang mga pulsera sa kaniyang mga kamay. **48** At aking ini-yuko ang aking ulo at sumamba ako sa PANGINOON at pumuri sa PANGINOON na Dios ng aking panginoong si Abraham, na pumatnubay sa akin sa daang matuid upang kunin ang anak ng kapatid ng aking panginoon, para sa kaniyang anak. **49** At ngayon, kung inyong mamagandahing loob at mamatapatin sa aking panginoon ay ipahayag niyo sa akin; at kung hindi ipahayag niyo sa akin upang pumihit, ako sa kanan o sa kaliwa. **50** Ng magkagayo'y sumagot si Laban at si Betuel, at sinabing: Sa PANGINOON nagmumula ito; kami ay hindi makapagsasabi sa iyo ng masama o ng mabuti. **51** Narito, si Rebeka ay nasa harap mo, kunin mo, at yamaon ka, at siya'y maging asawa ng anak ng iyong panginoon, gaya ng sinalita ng PANGINOON. **52** At mangyari, na pagkarinig ng lingkod ni Abraham ng kaniyang mga salita, siya'y nagpatirapa sa lapa sa harap ng PANGINOON. **53** At naglabas ang lingkod ng mga hiyas na pilak at mga hiyas na ginto, at mga damit, at mga ibinigay kay Rebeka ang biggay din siya ng mga mahalagang bagay sa kaniyang kapatid na lalaki at sa kaniyang ina. **54** At nangagsikain at nangagsinom siya at ang mga tawong kasama niya, at *deon* nagparaan ng boong gabi, at sila'y nangagsipagbangon ng umaga at kaniyang sinabi: Suguin niyo ako sa aking panginoon. **55** At sinabi ng kapatid na lalaki niya, at ng kaniyang ina: Matira ang dalaga sa aming *ulang* araw, sampuon

araw man lamang, pagkatapos ay paroroon siya. **56** At sinabi niya sa kanilang: Huag ninyo akong balaamin, yamang pinagpala ng PANGINOON ang aking lakad; papagpaalam ninyo ako, upang ako'y umowi sa aking panginoon. **57** At kanilang sinabing: Tatawagin namin ang dalaga at uuisain namin sa kaniyang bibig. **58** At kanila n'gang tinawag si Rebeka, at kanilang sinabi sa kaniyang: ¿Sasama ka ba sa lalaking ito? At sinabi niyang: Sasama ako. **59** At kanilang pinagpaalam si Rebekang kanilang kapatid, at ang kaniyang yaya, at ang lingkod ni Abraham, at ang kaniyang mga tawo. **60** At kanilang binasbasan si Rebeka, at sinabi nila sa kaniyang: Kapatid namin, maging ina ka ng libolibo, at kamtim ng iyong binhi ang pintuang-daan niyaong mga napopoot sa kanila. **61** At nagtindig si Rebeka at ang kaniyang mga dalaga, at nangagsisakay sa mga kamello, at nangagsisunod sa lalaki: at dinala ng lingkod si Rebeka at yumaon. **62** At si Isaak ay nangaling sa daang Beer-labai-roi; sapagka't siya'y natira sa lupaing Timugan. **63** At lumabas sa parang si Isaak na nagmunimuni ng dakong hapon: at ng kaniyang itingín ang kaniyang mga mata, ay kaniyang nakita, at, narito, may dumarating na mga kamello. **64** Itiningín naman ni Rebeka ang kaniyang mga mata, at ng makita niya si Isaak, bumaba sa kamello. **65** At sinabi ni Rebeka sa lingkod: ¿Sino yaong tawong naglalakad sa parang na ating nasasalubong? At sinabi ng lingkod: Yaon ang aking panginoon. At kinuha niya ang kaniyang lambong, at siya'y nagtakip. **66** At isinaysay ng lingkod kay Isaak ang lahat ng kaniyang ginawa. **67** At dinala ni Isaak sa dampa ni Sara na kaniyang ina, at ipinagsama si Rebeka, at siya'y naging kaniyang asawa; at kaniya namang sininta: at naaliw si Isaak, pagkamatay ng kaniyang ina.

**25** At si Abraham ay nag-asawa ng iba, at ang pangalan ay Keturá. **2** At naging anak nito sa kaniya si Zimram at si Joksan, at si Medan, at si Midian, at si Isbak, at si Suah. **3** At naging anak ni Joksan si Seba at si Dedan. At ang mga anak ni Dedan, ay si Asurim, at si Letusim, at si Leumim. **4** At ang mga anak ni Midian: si Efa at si Efer, at si Hanok, at si Abida, at si Eldaa. Lahat ng ito ay mga anak ni Keturá. **5** At ibinigay ni Abraham ang lahat ng kaniyang tinatan-likil kay Isaak. **6** Datapua't ang mga

anak ng naging babaye ni Abraham, ay pinagbibigyan ni Abraham ng mga kalob; at nabubuhay na siya ay mga inilayo na niya kay Isaak na kaniyang anak sa dakong silanganan, sa lupaing silanganan. **7** At ito ang mga araw ng mga taon ng buhay na ikinabuhay ni Abraham, isang daan at pitong puo't limang taon. **8** At nalagot ang hininga ni Abraham at namatay sa mabuting katandaan, matanda at puspos ng mga taon; at nalakip sa kaniyang bayan. **9** At inilibing siya ni Isaak at ni Ismael na kaniyang mga anak sa yungib ng Makpela, sa parang ni Efron, na anak ni Zohar na Heteo, na nasa tapat ng Mamre; **10** parang na binili ni Abraham sa mga anak ni Het: doon inilibing si Abraham at si Sarang kaniyang asawa. **11** At nangyari, pagkamatay ni Abraham, na pinagpala ng Dios si Isaak na kaniyang anak; at si Isaak ay tumatahan sa tabi ng Beer-labai-roi.

**12** Ang mga ito nga ang lahi ni Ismael, anak ni Abraham, na naging anak kay Abraham ni Agar na taga Egipto, na allia ni Sara: **13** at ito ang mga pangalan ng mga anak ni Ismael, ayon sa kanikanilang pangalan, ayon sa kanilang lahi: Ang panganay ni Ismael ay si Nebayot; at si Kedar, at si Adbeel, at si Mibsam, **14** at si Misma, at si Duma, at si Massa; **15** at si Hadad, at si Tema, si Jetur, si Nafis, at si Kedema: **16** ito ang mga anak ni Ismael, at ito ang kanilang pangalan, ayon sa kanilang bayan, at ayon sa kanilang pabingahan; labing dalawang pangulo ayon sa kanilang bayan. **17** At ito ang mga naging taon ng buhay ni Ismael, isang daan at tatlong puo't pitong taon; at nalagot ang hininga at namatay; at siya'y nalakip sa kaniyang bayan. **18** At nagsisitahan ang kaniyang inapo mula sa Havila hangang sa Shur, na natatapat sa Egipto, gaya ng kung ikaw ay paroroon sa Asiria: siya'y tumahan sa harap ng lahat niyang mga kapatid.

**19** At ito ang mga lahi ni Isaak, anak ni Abraham: naging anak ni Abraham si Issak: **20** at si Isaak ay may apat na puong taon, ng siya'y mag-asawa kay Rebeka, anak ni Betuel na taga Siria sa Padan-aram, kapatid na babaye ni Laban na taga Siria. **21** At nanalangin si Isaak sa PANGINOON dahil sa kaniyang asawa, sapagka't baog; at kinahabagan siya ng PANGINOON, at si Rebekang kaniyang asawa ay nagdalang tawo. **22** At nagbuno ang mga bata sa loob niya; at kani-

yang sinabing: *¿Kung magkagayon ¿bakit nabubuhay pa ako? At siya'y yumaong isinanguni sa PANGINOON.*

**23** At sinabi sa kaniya ng PANGINOON:

Dalawang nasyon ang nasa iyong tiyan,

at dalawang bayan ang papaghihiwalayin mula sa iyong loob:

at ang isang bayan ay magiging matibay kay sa isang bayan;

at ang matanda ay maglilingkod sa bata.

**24** At ng matupad ang mga araw ng kaniyang kapanganakan; narito't kambal sa kaniyang tiyan. **25** At ang unang lumabas ay mapula, boong *kataran* niya'y parang kumot na may balahibo; at siya'y pinanganlang Esau. **26** At pagkatapos na lumabas ang kaniyang kapatid, at ang kaniyang kamay ay nakakapit sa sakong ni Esau; at ipinangalan sa kaniya ay Jakob: at si Isaak ay may anim na puong taon na, ng sila'y ipanganak. **27** At nagagsilaki ang mga bata; at si Esau ay maging maliksi sa pangangaso, lalaki sa parang; at si Jakob ay lalaking tahimik na tumatahan sa mga dampa. **28** At minamahal ni Isaak si Esau sapagka't kumakain ng kaniyang pinangangasuhan; ngunit minamahal ni Rebeka si Jakob. **29** At nagluluto si Jakob ng lutuin: at dumating si Esau na galing sa parang, at siya'y totoong pagod: **30** at sinabi ni Esau kay Jakob: Ipinamamanhik ko sa iyo na pakanin mo ako nitong mapulang lutuin, sapagka't ako'y nanlalambot sa pagod: kaya't tinawag ang pangalan niya na Edom. **31** At sinabi ni Jakob: Ipagbili mo sa akin sa araw na ito ang iyong pagkapananay. **32** At sinabi ni Esau: Narito, ako'y namamatay: ¿Saan ko gagamitin ang aking pagkapananay? **33** At sinabi ni Jakob: Isumpa mo sa akin sa araw na ito; at kaniyang isinumpa: at kaniyang ipinagbili ang kaniyang pagkapananay kay Jakob. **34** At binigyan ni Jakob si Esau ng tinapay at nilutong lentejas; at siya'y kumain, at uminom, at nagtindig at yumaon: gayon niwalang halaga ni Esau ang kaniyang pagkapananay.

**26** At nagkagutom sa lupaing, bukod sa unang pagkagutom na nangyari sa mga araw ni Abraham. At naparoon si Isaak kay Abimelek, na hari ng mga Filisteo sa Gerar. **2** At napakita ang PANGINOON sa kaniya, at sinabi: Huag kang bumaba sa Egipto; matira ka sa lupaing aking sasabihin sa iyo: **3** matira

ka sa lupaing ito, at ako'y sasa iyo, at ikaw ay aking pagpapalain; sapagka't sa iyo at sa iyong binhi, ibibigay ko ang lahat ng lupaing ito, at pagtitibayin ko ang sumpong aking isinumpa kay Abraham na iyong ama; **4** at aking pararamihin ang iyong binhi na gaya ng mga bituin sa langit, at ibibigay ko sa iyong binhi ang lahat ng lupaing ito; at pagpapalain sa iyong binhi ang lahat ng nasyon sa lupa; **5** sapagka't sinunod ni Abraham ang aking voces, at ginanap, ang aking bilin, ang aking mga utos, ang aking mga palatuntunan at ang aking mga kautusan. **6** At tumahan si Isaak sa Gerar: **7** at tinanong siya ng mga tawong taga roon tungkol sa kaniyang asawa; at siya'y sumagot: Siya'y aking kapatid: sapagka't natakot na sabihing: *Siya'y* aking asawa; baka ako'y patayin *wika niya*, ng mga tawong taga rito, tungkol kay Rebeka: dahil sa siya'y may magandang anyo. **8** At nangyari ng siya'y narooang mahabang panahon, na dumungaw si Abimelek, na hari ng mga Filisteo sa isang durungawan, at tumingin, at narito't si Isaak ay nakikipaglaro kay Rebekang kaniyang asawa. **9** At tinawag ni Abimelek si Isaak, at sa kaniya'y sinabing: ¿Narito, tunay na siya'y iyong asawa! ¿bakit nga sinabi mong: Siya'y aking kapatid? At sumagot sa kaniya si Isaak: Sapagka't sinabi kong: Baka ako'y mamatay dahil sa kaniya. **10** At sinabi ni Abimelek: ¿Ano itong ginawa mo sa amin? hindi malayong ang sino man sa bayan ay nakasiping sa iyong asawa, at sa gayon ay pinapagkasala mo kami. **11** At ibinilin ni Abimelek sa boong bayan, na sinabing: Ang gumalaw sa lalaking ito o sa kaniyang asawa ay tunay na papatayin. **12** At si Isaak ay naghasik sa lupaing yaon, at umani siya ng taong yaon, ng tig-isang daan sa bawa't isa: at pinagpala ng PANGINOON. **13** At tumaas ang lalaki at tumaas ng tumaas hangang sa naging totoong mataas: **14** at siya'y may umatan-kilik na mga kawan, at mga tinatankilik na mga vakahan, at maraming alipin. At kinaingitan siya ng mga Filisteo. **15** Ngayo'y lahat ng balong hinukay ng mga alipin ng kaniyang ama, ng mga kaarawan ni Abraham na kaniyang ama, mga tinabunan ng mga Filisteo, na mga pinuno ng lupa. **16** At sinabi ni Abimelek kay Isaak: Humiwalay ka sa amin, sapagka't ikaw ay makapupong matibay kay sa amin. **17** At umalis si Isaak doon,



at nagpahinga sa libis ng Gerar, at tumahan doon. **18** At muling hinukay ni Isaaq ang mga balon ng tubig na hinukay ng mga karawan ni Abraham na kaniyang ama; sapagka't tinabunan ng mga Filisteo, pagkamatay ni Abraham: at kaniyang mga pinanganlan ng ayon sa mga pangalang inilagay ng kaniyang ama. **19** At hinukay ng mga alipin ni Isaaq sa libis, at kaniyang nasumpungan doon ang isang balon ng mga tubig na bumubukal. **20** At mga nakipagtalo ang mga pastor ni Gerar sa mga pastor ni Isaaq, na sinabing: ¡ Amin ang tubig! At tinawag ang balon, na Esek; sapagka't ipinagkaalit sa kaniya. **21** At sila'y humukay ng ibang balon, at kanilang pinagtalunan din: at kaniyang pinanganlang Sitna. **22** At bumunot siya roon, at humukay ng ibang balon; at hindi nila pinagtalunan: at kaniyang pinanganlang Rehobot; at kaniyang sinabing: Sapagka't ngayo'y binigyan tayo ng PANGINOON ng kaluagan, at lalago tayo sa lupain. **23** At mula roon ay umahon sa Beer-seba. **24** At napakita sa kaniya ang PANGINOON ng gabi ring yaon, at nagsabing: Ako ang Dios ni Abraham na iyong ama: huag kang matakot, sapagka't ako'y sumasayo, at ikaw ay aking pagpapalain, at aking pararamihin ang iyong binhi, dahil kay Abraham na aking lingkod. **25** At si Isaaq ay nagtayo roon ng isang altar, at kaniyang tinawag ang pangalan ng PANGINOON, at itinindig niya roon ang kaniyang dampa: at humukay doon ang mga alipin ni Isaaq, ng isang balon. **26** Ng magkagayo'y si Abimelek ay naparoon sa kaniya mula sa Gerar, na kasama si Ahusat na kaniyang kaibigan, at si Fikol na kapitan ng kaniyang hukbo. **27** At sinabi sa kanila ni Isaaq: ¡ Bakit kayo naparirito sa akin, kayong nangapopoot sa akin at nangagpalayas sa akin sa iyo? **28** At sila'y nagsabing: Malinaw na aming nakita, na ang PANGINOON ay sumasayo: at aming sinabing: Magkakaroon ng pagsusumpa kami, kami at ikaw, at gumawa kami ng isang tipan sa iyo; **29** na hindi ka gagawa sa amin ng masama, gaya naman namin na hindi ka namin ginalaw, at ang ginawa lamang namin sa iyo ay ang mabuti, at pinayaon ka naming payapa: ikaw ngayon ang pinagpalain ng PANGINOON. **30** At iginawa niya sila ng isang pigoñgan, at sila'y nagkainan at nag-inuman. **31** At sila'y gumising ng madaling araw, at sila'y nagpanumpa: at sila'y pinagpaa-

lam ni Isaaq, at nagsihiwalay sa kaniyang payapa. **32** At nangyari, ng araw ding yaon, na nagsidating ang mga alipin ni Isaaq, at siya'y binalitaan tungkol sa balon nilang hinukay, at sinabi sa kaniya: Nakasumpung kami ng tubig. **33** At tinawag na Siba: kaya't ang pangalau ng ciudad na yaon ay Beer-seba hangang ngayon. **34** At ng si Esau ay may apat na puong taon ay nag-asawa kay Judit, na anak ni Beeri na Heteo, at kay Base mat na anak ni Elon na Heteo: **35** na mga baging isang kapatitan ng espiritu kay Isaaq at kay Rebeka.

**27** At nangyari, ng matanda na si Isaaq, at malabo na ang kaniyang mga mata, na ano pa't hindi na siya makakita, ay tinawag si Esau na kaniyang anak na panganyay, at sinabi sa kaniya: ¡ Anak ko! at kaniyang sinabi: Narito ako. **2** At sinabing: Narito, ako'y matanda na, at hindi ko nalalaman ang kaarawan ng aking kamatayan. **3** Ngayo'y kunin mo, ipinamananhihik ko sa iyo, ang iyong kagayakan, ang iyong lalagyan ng pana, at ang iyong bosog, at lumabas ka sa parang, at ihuli mo ako ng usa; **4** at igawa mo ako ng masasarap na pagkain, na aking ibig, at dalhin mo rito sa akin, upang ako'y kumain; at ikaw ay pagpalain ng aking kaluluwa, bago ako mamatay. **5** At pinakikingan ni Rebeka samantalang nagsasalita si Isaaq kay Esau na kaniyang anak. At naparoon si Esau sa parang upang mangaso ng usa, upang madala. **6** At isinaysay ni Rebeka kay Jakob na kaniyang anak, na sinabi: Narito, narinig ko sa iyong ama na sinasalita kay Esau na iyong kapatid, na sinasabi: **7** Dalhan mo ako ng usa, at igawa mo ako ng pagkaing masasarap, upang ako'y kumain, at ikaw ay aking pagpalain sa harap ng PANGINOON, bago ako mamatay. **8** Ngayon nga anak ko, sundin mo ang aking voces, ayon sa iutos ko sa iyo. **9** Pumaroon ka ngayon sa kawan, at dalhin mo rito sa akin ang dalawang anak ng kambing na mabuti; at gagawin kong masasarap na pagkain sa iyong ama, na siyang kaniyang ibig: **10** at dadalhin mo sa iyong ama, upang kumain, na ano pa't ikaw ay kaniyang pagpalain, bago siya mamatay. **11** At sinabi ni Jakob kay Rebekang kaniyang ina: Narito, si Esau na aking kapatid ay tawong mabalahibo, at ako'y tawong makinis. **12** Maa-hil ay hihipuin ako ng aking ama, at aariin niya akong parang nagbibiro sa

kaniya; at ang aking mahihita ay sumpa at hindi pala. **13** At sinabi sa kaniya ng kaniyang ina: Sa akin mapunta ang sumpa sa iyo, anak ko: sundin mo lamang ang aking voices, at yumaon ka, dalhin mo sa akin. **14** At yumaon si Jakob at dinala sa kaniyang ina: at gumawa ang kaniyang ina ng masasarap na pagkain, na ibig ng kaniyang ama. **15** At kumuha si Rebeka ng maiam na damit ni Esau, na kaniyang anak na panganay, na mairoon siya sa bahay, at isinuot kay Jakob na kaniyang bunsong anak: **16** at ang mga balat ng mga anak ng kambing ay ipinatong sa kaniyang mga kamay, at sa kinis ng kaniyang leeg: **17** at kaniyang ibinigay ang pagkaing masarap, at ang tinapay na kaniyang inihanda, sa kamay ni Jakob na kaniyang anak. **18** At siya'y lumapit sa kaniyang ama, at nagsabing: ¶ Ama ko! at siya'y nagsabing: Narito ako: ¶ sino ikaw, anak ko? **19** At sinabi ni Jakob sa kaniyang ama: Ako'y si Esau na iyong panganay; ako'y gumawa ng ayon sa sinabi mo sa akin: magbangon ka, ipinama-manhik ko sa iyo, maupo ka at kumain ka ng aking usa, upang pagpalain ako ng iyong kalulua. **20** At sinabi ni Isaak sa kaniyang anak: ¶ Bakit nakasumpung ka na napakadali, anak ko? At sinabi niya: Sapagka't hinandugan ako ng mabuting salubong ng PANGINOONG iyong Dios. **21** At sinabi ni Isaak kay Jakob: Lumapit ka rito, upang hipuin kita, anak ko, kung tunay na ikaw ang aking anak na si Esau o hindi. **22** At lumapit si Jakob sa kaniyang amang kay Isaak; at hinipo siya, at nagsabing: Ang voices ay voices ni Jakob, ngunit' ang mga kamay ay mga kamay ni Esau. **23** At hindi siya nakilala, sapagka't ang kaniyang kamay ay mabalahibo, gaya ng mga kamay ni Esau na kaniyang kapatid: at sa gayo'y binasbasan siya. **24** At sinabi: ¶ Ikaw bang tunay ang aking anak na si Esau? At sinabi niyang: ¶ Ako nga. **25** At kaniyang sinabing: ¶ Lipit mo sa akin, at kakain ako ng usa ng aking anak, upang siya'y pagpalain ng aking kalulua. At kaniyang inilapit at kumain: at dinalhan niya ng alak, at uminom. **26** At sinabi sa kaniya ni Isaak na kaniyang ama: Lumapit ka ngayon at humalik ka sa akin, anak ko. **27** At siya nga'y lumapit at humalik siya sa kaniya: at naamoy ng ama ang amoy ng kaniyang mga suot, at siya'y pinagpala, na sinabing:

Narito, ang amoy ng aking anak.

Ay gaya ng amoy ng isang parang na pinagpala ng PANGINOON!

**28** Bigyan ka ng Dios ng hamog ng langit, at ng taba ng lupa,

At ng saganang trigo at alak!

**29** Paglingkuran ka ng mga bayan,

At magsiyukod sa iyo ang mga nasyon: Maging panginoon ka ng iyong mga kapatid,

At yumukod sa iyo ang mga anak ng iyong ina!

¶ Ang mga sumumpa sa iyo ay sunipain,

At mapapalad ang mga magpapala sa iyo.

**30** At nangyari, pagkatapos ng pagbabasbas ni Isaak kay Jakob, at kaaalis pa lamang ni Jakob sa harap ni Isaak na kaniyang ama, na dumating si Esau na kaniyang kapatid, na galing sa kaniyang pangangaso. **31** At siya'y gumawa naman ng masasarap na pagkain, at dinala niya sa kaniyang ama; at sinabi niya sa kaniyang ama: ¶ Magbangon ang ama ko, at kumain ng usa ng kaniyang anak, upang pagpalain ako ng iyong kalulua! **32** At sinabi ni Isaak na kaniyang ama sa kaniya: ¶ Sino ka? At kaniyang sinabi: Ako ang iyong anak, ang iyong panganay na si Esau. **33** At nangilabot si Isaak ng mainam, at sinabing: ¶ Sino nga yaong kumuha ng usa at dinala sa akin, at aking kinaing lahat bago ka dumating, at aking binasbasan? oo, at magiging mapalad!

**34** Ng marinig ni Esau ang mga salita ng kaniyang ama ay humiyaw ng malakas at ng di kawang kapatitan: at sinabi sa kaniyang ama: ¶ Basbasan mo ako, ako naman, ama ako!

**35** At kaniyang sinabi: Naparito ang iyong kapatid sa pamamagitan ng daya, at kinuha ang iyong pala.

**36** At kaniyang sinabi: ¶ Hindi baka mabuti ang pagkatawag sa kaniyang Jakob? sapagka't kaniyang inagawan ako nitong makalawa: kaniyang kinuha ang aking pagkapanayan; at, narito, ngayo'y inalis ang aking pala.

**37** At kaniyang sinabing: ¶ Hindi mo ba ako ipinagtaan ng pala? **37** At sumagot si Isaak, at sinabi kay Esau: Narito, inilagay kong panginoon mo, at sa kaniya'y ibinigay kong mga alipin ang lahat niyang mga kapatid; at sa trigo at sa alak, siya'y aking binigyan: at sa iyo ¶ ano ngang magagawa ko ngayon, anak ko? **38** At sinabi ni Esau sa kaniyang ama: ¶ wala ka бага, kungdi isa lamang basbas, ama ko? ¶ Basbasan

mo ako, ako naman, oh ama ko! At humiyaw si Esau at umiyak. **39** At sumagot si Isaak na kaniyang ama, at sinabi sa kaniya:

Narito, magiging *sadya* sa taba ng lupa ang iyong tahanan,

At sa hamog ng langit mula sa itaas;

**40** At sa iyong tabak ay mabubuhay ka, at sa iyong kapatiday maghilingkod ka;

At mangyayari pagka nakalaya ka, Papagpagin mo ang kaniyang pamatok sa ibabaw ng iyong batok.

**41** At kinapootan ni Esau si Jakob, dahil sa basbas na ibinasbas sa kaniya ng kaniyang ama: at sinasabi ni Esau sa kaniyang puso: Lumalapit na ang mga araw ng pagluluksa sa aking ama; kung magkagayo'y papatayin ko si Jakob na aking kapatid. **42** At ang mga salita ni Esau na kaniyang panganay ay mga nasaysay kay Rebeka; at kaniyang pinasuguan at tinawag si Jakob, na kaniyang bunso, at sa kaniya'y sinabing: Narito, ang iyong kapatid na si Esau ay naaalih tungkol sa iyo, na patayin ka. **43** Ngayon nga, anak ko, sundin mo ang aking voces, at magbangon ka, at tumakas ka hangang kay Laban na aking kapatid, sa Haran; **44** at dumoon ka sa kaniyang mga ilang araw hangang sa mapayapa ang galit ng iyong kapatid; **45** hangang sa ang galit ng iyong kapatid ay maalis sa iyo, at malimutan niya ang ginawa mo sa kaniya: kung magkagayo'y pasusuguan kita at papaparituhin kita mula roon: ¶ Bakit kapua mawawala kayo sa akin sa isang araw?

**46** At sinabi ni Rebeka kay Isaak: Ako'y yamot na sa aking buhay, dahil sa mga anak na babaye ni Het: kung si Jakob ay mag-aasawa sa mga anak ni Het, gaya ng mga ito, ng mga anak ng lupaing ito, ¶ ano pang kabuluhan sa akin ng aking buhay?

**28** At tinawag ni Isaak si Jakob, at siya'y binasbasan, at siya'y pinagbilinan, na sinabi sa kaniya: Huag kang mag-aasawa sa mga anak ng Kanaan. **2** Magtindig ka, pumaroon ka sa Padan-aram, sa bahay ni Betuel, na ama ng iyong ina, at mag-asawa ka roon sa mga anak ni Laban, na kapatid ng iyong ina. **3** At ikaw ay pagpapalain ng Dios na Makapangyarihan-sa-lahat, at ikaw ay palaguin, at ikaw ay paramihin, upang ikaw ay maging kapisanan ng mga bayan; **4** at ibigay sa iyo ang pagpapala kay

Abraham sa iyo, at sampuo sa iyong binhi; upang iyong ariin ang lupaing iyong pinaglakbayan, na ibinigay ng Dios kay Abraham. **5** At pinagpaalam ni Isaak si Jakob: at naparoon siya sa Padan-aram kay Laban, anak ni Betuel na taga Siria, na kapatid ni Rebeka, na ina ni Jakob at ni Esau. **6** Nakita nga ni Esau na binasbasan ni Isaak si Jakob, at siya'y pinapagpaalam na pumaroon sa Padan-aram, upang doon mag-asawa, at ng siya'y basbasan ay ipinagbilin sa kaniya, na sinabing: Huag kang mag-aasawa sa mga anak ng Kanaan; **7** at sumunod si Jakob sa kaniyang ama at sa kaniyang ina, at naparoon sa Padan-aram: **8** at nakita ni Esau na hindi nakalulugod ang mga anak ng Kanaan kay Isaak na kaniyang ama; **9** at naparoon si Esau kay Ismael, at nag-asawa kay Mahalat, na anak ni Ismael, na anak ni Abraham, sa kapatid na babaye ni Nabayot, bukod pa sa mga asawang mairoon na siya.

**10** At umalis si Jakob sa Beer-seba at napasa dakong Haran. **11** At dumating sa isang lugar, at nagparaan ng boong gabi roon, sapagka't lumubog na ang araw; at kumuha ng isa sa mga bato sa lugar na yaon, at inilagay sa kaniyang ulunan, at nahiga sa lugar na yaon upang matulog. **12** At nanaginip, at, narito, ang isang hagdan, na ang puno ay nasa lupa, at ang dulo ay sumasaling sa langit; at, narito, ang mga angel ng Dios na nagmamahik at manaog doon. **13** At, narito, ang PANGINOON ay nasa kataastaasan noon, at nagsabing: Ako ang PANGINOON, ang Dios ni Abraham na iyong ama, at ang Dios ni Isaak: ang lupang kinahigaan mo ay ibihigay ko sa iyo at sa iyong binhi; **14** at ang iyong binhi ay magiging parang alabok sa lupa, at kakalat ka sa kalunturan, at sa silanganan, at sa hilaganan, at sa timugan: at sa iyo at sa iyong binhi ay pagpapalain ang lahat ng angkan sa lupa. **15** At, narito't ako'y sasa iyo, at iingat kita saan ka man pumaroon, at pabalikin kita sa lupaing ito; sapagka't hindi kita iiwan hangang hindi ko magawa ang sinalita ko sa inyo. **16** At nagising si Jakob sa kaniyang panaginip, at nagsabing: ¶ Tunay na ang PANGINOON ay nasa lugar na ito, at hindi ko nalalaman! **17** At siya'y natakot, at kaniyang sinabing: ¶ Kakilalabot na lugar ito, ito'y hindi iba kungdi bahay ng Dios, at ito ang pintuan ng langit! **18** At si Jakob ay gumising

ng maaga ng kinaumagahan, at kinuha nila ang batang kaniyang inilagay sa ulunan niya, at kaniyang itinayo na pinakahaligi, at kaniyang bimbusan ng langis sa ibabaw. **19** At ang ipinangalan niya sa lugar na yaon ay Pet-el; datapua't ang pangalan ng ciudad ng una ay Luz. **20** At si Jakob ay nagpanata, na sinabing: Kung sasaakin ang Dios; at ako'y iingatan sa daang ito na aking nilalakaran, at ako'y bibigyan ng tinapay na makakain, at damit na maisusuot, **21** na ano pa't ako'y makabalik na payapa sa bahay ng aking ama, kung magkagayo'y ang PANONON ang magiging aking Dios, **22** at ang batang ito na aking itinayo na pinakahaligi ay magiging bahay ng Dios: at sa lahat na ibigay mo sa akin ay walang pagsalang ang ikasampung bahagi ay ibibigay ko sa iyo.

**29** Ng magkagayo'y nagpatuloy si Jakob ng kaniyang paglalakbay, at napasa lupain ng mga anak sa silanganan. **2** At siya'y tumingin at nakita niya ang isang balon sa parang, at, narito, ang tatlong kawan ng mga tupa na nagpapahinga sa tabi; sapagka't sa balong yaon pinainom ang mga kawan: at ang batang nasa sa ibabaw ng labi ng balon ay malaki. **3** At doon nagkakatipon ang lahat ng mga kawan; at ibinubual ang batang nasa ibabaw ng labi ng balon, at pinainom ang mga tupa, at muling inilagay ang bato sa ibabaw ng labi ng balon, sa lugar noon. **4** At sinabi sa kanila ni Jakob: Mga kapatid ko, ¿mga taga saan kayo? At kanilang sinabi: Taga Haran kami. **5** At sinabi niya sa kanila: ¿Nakikilala ba ninyo si Laban na anak ni Nakor? At kanilang sinabi: Nakikilala namin siya. **6** At sinabi niya sa kanila: ¿Siya ba'y mabuti? At kanilang sinabing: Siya'y mabuti; at, narito, si Raket na kaniyang anak, na dumadating na dala ang mga tupa. **7** At sinabi niya: Narito, maaga pa, hindi oras ng paghahapon ng mga hayop; painumin ninyo ang mga tupa, at inyo silang pasababin. **8** At kanilang sinabing: Hindi namin magagawa hangang sa magkatipon ang lahat ng mga kawan, at ibinubual ang bato mula sa labi ng balon, kung aming pinainom nga ang mga tupa. **9** Nakikipag-usap pa siya sa kanila, ng si Raket ay dumating, na dala ang mga tupa ng kaniyang ama; sapagka't siya ang tagapag-alaga. **10** At nangyari, ng makita ni Jakob si Raket na anak ni Laban, na

kapatid ng kaniyang ina, at ang mga tupa ni Laban na kapatid ng kaniyang ina, na tumapat si Jakob at ibinual ang bato mula sa labi ng balon, at pinainom ang kawan ni Laban, na kapatid ng kaniyang ina. **11** At hinagkan ni Jakob si Raket; at inilakas ang kaniyang voces at umiyak. **12** At kay Raket ay sinaysay ni Jakob na siya'y kapatid ni Laban, ng kaniyang ama, at anak ni Rebeka: at siya'y tumakbo at isinaysay niya sa kaniyang ama. **13** At nangyari, ng maalaman ni Laban ang mga balita ni Jakob anak ng kaniyang kapatid, na tumakbo na kaniyang sinalubong, at kaniyang niyakap at kaniyang hinagkan, at kaniyang dinala sa kaniyang bahay, at isinaysay niya kay Laban ang lahat ng bagay na ito. **14** At sinabi sa kaniya ni Laban: ¿Tunay na ikaw ay aking buto at aking laman! At dumoon sa kaniyang isang buan. **15** At sinabi ni Laban kay Jakob: ¿Sapagka't ikaw ay aking kapatid ay maglilingkod ka sa aking walang bayad? sabihin mo sa akin kung ano ang magiging kaupahan mo. **16** At may dalawang anak na babaye si Laban: ang pangalan ng pangnanay ay Lea, at ang pangalan ng bunso ay Raket. **17** At ang mga mata ni Lea ay mapupungay; datapua't si Raket ay maganda at may magandang tikas. **18** At sinisinta ni Jakob si Raket; at kaniyang sinabing: Paglilingkuran kitang pitong taon dahil kay Raket na iyong anak na bunso. **19** At sinabi ni Laban: Magaling ang ibigay ko sa iyo, kay sa ibigay ko sa iba: matira ka sa akin. **20** At naglingkod si Jakob dahil kay Raket na pitong taon; at sa kaniya'y naging parang ilang araw, dahil sa pag-ibig na mauroon siya sa kaniya. **21** At sinabi ni Jakob kay Laban: Ibigay mo sa akin ang aking asawa, sapagka't natupad na ang aking mga araw upang ako'y sumiping sa kaniya. **22** At pinisan ni Laban ang lahat ng tawo roon at siya'y gumawa ng isang piging. **23** At nangyari ng kinagabihan, na kaniyang kinuha si Lea na kaniyang anak at dinala niya kay Jakob, at siya'y sumiping sa kaniya. **24** At sa kaniyang anak na kay Lea ay ibinigay niyang alilang babaye ang kaniyang alilang si Zilpa. **25** At nangyari, na sa kinaumagahan, ¿narito't si Lea! At kaniyang sinabi kay Laban: ¿Ano itong kinawa mo sa akin? ¿Hindi ba kita pinaglilingkuran dahil kay Raket? ¿Bakit nga ako dinaya mo? **26** At sinabi ni Laban: Hindi

ginagawang gayon sa aming lupain, na ibinibigay ang burso, bago ang pangnanay. **27** Tapusin mo ang kaniyang sanglingo, at ibibigay rin naman nanin sa iyo ang isa, dahil sa paglilingkod na gagawin mong pitong taon pa, sa akin. **28** At gayon ginawa ni Jakob, at tinapos niya ang sanglingo ni *Lea*, at ibinigay sa kaniyang asawa ni *Laban* ang kaniyang anak na si *Rakel*. **29** At sa kaniyang anak na kay *Rakel* ay ibinigay ni *Laban* na alilang babaye ang kaniyang alilang si *Bilha*. **30** At sumiping din naman si *Jakob* kay *Rakel*, at kaniya rin namang inibig si *Rakel* ng higit kay *Lea*, at naglingkod siya kay *Laban* na pitong taon pa.

**31** At ng makita ng PANGINOON na si *Lea* ay kinapopootan niya ay binuksan ang kaniyang bahay-bata; datapua't si *Rakel* ay baog. **32** At naglihi si *Lea*, at nanganak ng isang lalaki; at pinanganlan niyang *Ruben*; sapagka't kaniyang sinasabi: Sapagka't nilingap ng PANGINOON ang aking kapighatian; sapagka't ngayo'y mamahalin ako ng aking asawa. **33** At naglihi uli at nanganak, ng isang lalaki; at nagsabing: Sapagka't narinig ng PANGINOON ako'y kinapopootan ay ibinigay rin naman sa akin ito: at pinanganlan niyang *Simeon*. **34** At naglihi uli at nanganak ng isang lalaki; at nagsabing. Ngayo'y masasama na sa akin ang aking asawa, sapagka't nagkaanak ako sa kaniya ng tatlong lalaki: kaya't pinanganlan niyang *Levi*. **35** At muling naglihi at nanganak ng isang lalaki, at nagsabing: Ngayo'y aking pupurihin ang PANGINOON: kaya't pinanganlang *Juda*, at hindi na nanganak.

**30** At ng makita ni *Rakel*, na hindi siya nagkakaanak kay *Jakob*, nangingit si *Rakel* sa kaniyang kapatid; at sinabi kay *Jakob*: ; Bigyan mo ako ng anak, o kung hindi ay mamamatay ako! **2** At nagningas ang galit ni *Jakob* laban kay *Rakel*, at nagsabing: ; Ako ba'y nasa lugar ng *Dios*, na nagkait sa iyo ng bunga ng tiyan? **3** At sinabi niya: *Narito* ang aking alilang si *Bilha*, sumiping ka sa kaniya, upang manganak sa ibabaw ng aking mga tudod; at magkaroon din naman ako ng anak sa pamamag-itan niya. **4** At ibinigay niyang asawa si *Bilhang* kaniyang alila: at sinipingan ni *Jakob*. **5** At naglihi si *Bilha*, at nagkaanak kay *Jakob*, ng isang lalaki. **6** At sinabi ni *Rakel*: ; Hinatulan ako ng *Dios*, at dininig din naman ang aking

voices, at binigyan ako ng anak! kaya't pinanganlang *Dan*. **7** At si *Bilhang* alila ni *Rakel* ay naglihi uli at ipinanganak ang kaniyang ikalawang anak kay *Jakob*. **8** At sinabi ni *Rakel*: Ako'y nakipagbaka ng malaking pakikipagbaka sa aking kapatid at ako'y nanaig: at siya'y pinanganlang *Neftali*. **9** Ng makita ni *Lea*, ra siya'y hindi na nanganganak, ay kinuha si *Zilpa* na kaniyang alila at ibinigay na asawa kay *Jakob*. **10** At nagkaanak si *Zilpa* na alila ni *Lea*, ng lalaki kay *Jakob*. **11** At sinabi ni *Lea*: ; Kapalaran! at pinanganlang *Gad*. **12** At ipinanganak ni *Zilpa* na alila ni *Lea*, ang kaniyang ikalawang anak kay *Jakob*. **13** At sinabi ni *Lea*: ; Sa aking kaginhawahan! sapagka't tatawagin akong maginhawa ng mga dalaga: at pinanganlang *Aser*. **14** At yumaon si *Ruben* ng panahon ng paggapas ng trigo, at nakasumpong ng mga mandragoras sa bukid, at dinala sa kaniyang inang kay *Lea*. Ng magkagayo'y sinabi ni *Rakel* kay *Lea*: Ipinamamahik ko sa iyo, na bigyan mo ako ng mga mandragoras ng iyong anak. **15** At kaniyang sinabing: ; Kakaonti pa bang bagay na iyong dinala ang aking asawa, at ibig mo pa ring dalhin ang mga mandragoras ng aking anak? At sinabi ni *Rakel*: Kaya't sisiping sa iyo ngayong gabi, na palit sa mga mandragoras ng iyong anak. **16** At ng si *Jakob* ay umuwing galing sa bukid ng hapon, ay sinalubong siya ni *Lea*, at sa kaniya'y sinabing: Sa akin ka dapat sisiping, sapagka't tunay na ikaw ay aking inupahan ng mga mandragoras ng aking anak. At sumiping sa kaniya ng gabing yaon. **17** At dininig ng *Dios* si *Lea*: at siya'y naglihi at kaniyang ipinanganak kay *Jakob* ang kaniyang ikalimang anak. **18** At sinabi ni *Lea*: Ibinigay sa akin ng *Dios* ang aking kaupahan, sapagka't ibinigay ko ang aking alila sa aking asawa: at kaniyang pinanganlang *Isakar*. **19** At naglihi uli si *Lea*, at kaniyang ipinanganak ang kaniyang ikaanim na anak kay *Jakob*. **20** At sinabi ni *Lea*: Binigyan ako ng *Dios* ng isang mabuting kaloob: ngayo'y makiki-sama sa akin ang aking asawa, sapagka't nagkaanak ako sa kaniya ng anim: at kaniyang pinanganlang ng *Zabulon*. **21** At pagkatapos ay nanganak siya ng babaye, at kaniyang pinanganlang *Dina*. **22** At naalala ng *Dios* si *Rakel*, at dininig ng *Dios*, at binuksan ang kaniyang bahay-bata. **23** At siya'y naglihi at nagkaanak

ng lalaki: at kaniyang sinabing: ¶ Inalis ng Dios sa akin ang kakutyana ko! **24** At kaniyang pinanganlan ng Jose, na sinabing: Bigyan pa ako ng PANGINOON ng isang anak na karagdagan.

**25** At nangyari ng maipanganak ni Raket si Jose, na sinabi ni Jakob kay Laban: Papagpaalamin mo na ako upang ako'y paroon sa aking lugar at sa aking lupain. **26** Ibigay mo sa akin ang aking mga asawa at ang aking mga anak, na siyang kadahilanan ng ipinaglingkod ko sa iyo, at papagpaalamin mo ako: sapagka't talastas mo ang paglingkod na ipinaglingkod ko sa iyo. **27** At sinabi sa kaniya ni Laban: ¶ Mano nga na ako'y makasumpung ng biyaya sa iyong mga mata! aking napagkilala, na pinagpala ako ng PANGINOON dahil sa iyo. **28** At kaniyang sinabing: Sabihin mo sa akin ang iyong kanpahan, at ibibigay ko sa iyo. **29** At kaniyang sinabi sa kaniya: Nalalaman mo kung paanong pinaglingkuran kita, at ang idinami ng iyong hayop ay dahil sa akin. **30** Sapagka't kakaonti ang tinatankilik mo ng di pa ako dumarating, at naging isang karamihan; at pinagpala ka ng PANGINOON sa aking paraan; at ngayoy ¶ kailan naman ako maghanda ng sa aking sariling bahay? **31** At sa kaniya'y sinabing: ¶ Anong ibibigay ko sa iyo? At sinabi ni Jakob na: Huag mo akong bigyan ng ano man: kung ito'y iyong gawin sa akin, akin muling pasasabsabin at aalagaan ang iyong kawan. **32** Babalikan ko ang lahat mong kawan ngayon, na aking ihihiwalay doon ang lahat na batikbatik at may dungis, at ang lahat na maitim sa mga tupa, at ang may dungis at batikbatik sa mga kambing at siyang magiging aking kaupahan. **33** Gayon ako sasagutan ng aking kabalanan sa halharapin, pagparito mo, tungkol sa aking kaupahan; na nasa harap mo; yaong lahat na walang batik at walang dungis sa mga kambing, at hindi maitim sa mga tupa, na masusumpungan sa akin, maibibilang mong nakaw. **34** At sinabi ni Laban: Narito, ¶ mano ngang maayon sa iyong sabi! **35** At inihwalay ni Laban ng araw ding yaon ang mga lalaking kambing na may batik at may dungis, at ang lahat ng babayang kambing na may batik at may dungis, (lahat ng mairuong kaonting puti) at lahat ng maitim sa mga tupa; at ibinigay sa mga kamay ng kaniyang mga anak; **36** at siya'y naglakad ng tulong araw ang pag-itang kay Jakob: at

pinasabsab ni Jakob ang nalabi sa mga kawan ni Laban. **37** At kumuha si Jakob ng mga sanga ng alamo, at almindro at kastano, at mga binakbakan ng mga batik na mapuputi, na kaniyang pinalilitaw na gayon ang puti na nasa mga sanga. **38** At kaniyang inilagay ang mga sangang kaniyang binakbakan sa mga bangbang, sa harap ng kawan, sa mga pinagpapa-inuman, na pinaparoonan ng mga kawan upang uminom; at mga naglilibi pagka mga naparoron upang uminom. **39** At nangaglilibi ang mga kawan sa harap ng mga sanga at nanganganak ang mga kawan ng mga may guhit, may batik at may dungis. **40** At ang mga corderong ito ay inihihwalay ni Jakob, at inihaharap ang kawan sa dakong may batik, at ang lahat na maitim sa kawan ni Laban. At kaniyang ibinukod ang mga kawan niya rin, at hindi isinama sa kawan ni Laban. **41** At nangyari, na kailan ma't maglilibi ang mga malakas sa kawan, na inilagay ni Jakob ang mga sanga sa harap ng mga mata ng kawan sa mga bangbang, upang sila'y paglilihin sa gitna ng mga sanga; **42** datapua't pagka ang kawan ay mahina ay hindi niya mga inilagay: kaya't ang mahina ay uagiging kay Laban at ang malakas ay kay Jakob. **43** At ang lalaki ay lumago na mainam; at nagkaroon ng mga malaking kawan, at ng mga aliping babaye at lalaki, at ng mga kamello at ng mga asno.

**31** At narinig ni Jakob ang mga salita ng mga anak ni Laban, na nagsisipagsabing: Kinuha ni Jakob ang lahat ng sa ating ama, at doon sa mga sa ating ama ay tinamo niya ang boong karangalang ito. **2** At minasdan ni Jakob ang mukha ni Laban, at, narito't hindi sumasakaniyang gaya ng dati. **3** At sinabi ng PANGINOON kay Jakob: Magbalik ka sa lupain ng iyong mga ugulang, at sa iyong kamag-anakan, at ako'y sasaiyo. **4** At si Jakob ay nagsugo, at tinawag si Raket at si Lea sa bukid, sa kaniyang kawan, **5** at sinabi sa kanila: Nakikita ko ang mukha ng iyong ama, na hindi sumasakin na gaya ng dati; datapua't ang Dios ng aking ama ay sumaaakin. **6** At nalalaman niyong, na ang aking boong lakas ay ipinaglilingkod ko sa inyong ama. **7** At dinaya ako ng inyong ama, at binagong makasampung ang aking kaupahan; datapua't hindi pinahintulutan siya ng Dios, na gawan ako ng masama. **8** Kung kaniyang sinabing ganito:

Ang mga may batik ang magiging kaupahan mo; kung magkagayo'y nanganganak ang lahat ng kawan ng mga may batik: at kung kaniyang sinabing ganito: Ang mga may guhit ang magiging kaupahan mo, kung magkagayo'y ang lahat ng mga kawau ay nanganganak ng mga may guhit. **9** Ganito inalis ng Dios ang hayop ng inyong ama, at ibinigay sa akin. **10** At nangyari, na sa panahon, na ang kawan ay naglilihi, itinaas ko ang aking mga mata, at nakita ko sa panaginip, at narito, ang mga kambing na lalaki na nakatakip sa kawan ay mga may guhit, may batik at may dungis. **11** At sinabi sa akin ng angel ng Dios, sa panaginip: |Jakob! at sinabi kong: Narito ako. **12** At kaniyang sinabing: Itingin mo ngayon ang iyong mga mata, at tingnan mo ang lahat ng mga kambing na natatakip sa kawan na may guhit, may batik at may dungis: sapagka't aking nakita ang lahat na ginagawa sa iyo ni Laban. **13** Ako ang Dios sa Bet-el, na doon mo pinahiran ang haligi, at doon ka gumawa ng panata sa akin: ngayo'y magtindig ka, umalis ka sa lupaing ito, at magbalik ka sa lupaing pinanganakan sa iyo. **14** At nagsisagot si Rakel at si Lea, at sa kaniya'y sinabing: |Mairoon pa baqa kaming natitirang bahagi o mana sa bahay ng aming ama? **15** |Hindi ba inaari niya kaming taga-ibang bayan? sapagka't ipinagbili niya kami at kaniyang lubos na kinain ang aming halaga. **16** Sapagka't ang boong kayamanang inalis ng Dios sa aming ama, amin yaon at sa aming mga anak: ngayon nga, gawin mo ang lahat ng sinabi ng Dios. **17** Ng magkagayo'y nagtindig si Jakob, at pinalakay ang kaniyang mga anak at ang kaniyang mga asawa sa mga kamello; **18** at ipinaglakbay ang kaniyang lahat ng hayop, at ang kaniyang boong pag-aaring tinipon, ang hayop na kaniyang napakinabang, na kaniyang tinipon sa Padan-aram, upang pumaroon kay Isaak na kaniyang ama, sa lupain ng Kanaan. **19** Si Laban nga ay yumaon upang gupitan ang kaniyang mga tupa; at iniinakaw ni Rakel ang mga teraf na tinatankilik ng kaniyang ama. **20** At lumayong lihim si Jakob kay Laban na taga Siria yamang hindi siya isinumbong na siya'y tumatakas. **21** Ganito tumakas si Jakob sampuo ng boong kaniya; at nagbangon at nagdaan ng ilog *Eufrates*, at siya'y humarap sa bundok ng Galaad.

**22** At binalitaan si Laban sa ikatlong araw, na tumakas si Jakob. **23** At ipinag-sama niya ang kaniyang mga kapatid, at hinabol niyang pitong araw, at kaniyang inabutan sa bundok ng Galaad. **24** At naparoon ang Dios kay Laban na taga Siria, sa panaginip sa gabi, at sa kaniya'y sinabing: |Ingatan mong huag kang magsalita kay Jakob ng mabuti o masama man! **25** At inabutan ni Laban si Jakob; at itinayo nga ni Jakob ang kaniyang dampa sa bundok: at si Laban na kasama ng kaniyang mga kapatid sa bundok din ng Galaad. **26** At sinabi ni Laban kay Jakob: |Anong ginawa mo upang tumakas ka sa akin ng lihim, at dalhin mo ang aking mga anak na parang nangabihag sa tabak? **27** |Bakit inilihim mo ang iyong pagtakas, at tumanan ka sa akin ng lihim, at hindi mo ipinaalam sa akin, upang ikaw ay napagpaalam kong may sayahan at may mga awitan, may tambol at may alpa; **28** at hindi man lamang mo ipinahintulot sa aking humalik sa aking mga anak na lalaki at babaye? Ikaw nga ay napagkilalang mangmang. **29** Nasa kapangyarihan ng aking kamay ang gawan ko kayo ng masama: nguni't ang Dios ng inyong ama ay kinausap ako kagabi, na sinabing: |Ingatan mong huag kang magsalita kay Jakob ng mabuti o masama man! **30** At ngayon, *baqa man* iyong inibig yumaon, sapagka't pinagmimithian mong *dalhin* ang bahay ng iyong ama |ay bakit mo ninakaw ang aking mga dios? **31** At sumagot si Jakob, at sinabi kay Laban: Sapagka't ako'y natakot: sapagka't sinabi kong baka mo alising sapilitan sa akin ang iyong mga anak. **32** Kaya kung kanino mo masumpungan ang iyong mga dios, |ay huag mabuhay! Sa harap ng atin mga kapatid ay iyong kilalanin kung anong mairoon akong iyo, at dalhin mo. Sapagka't hindi nalalaman ni Jakob na si Rakel ang nagnakaw. **33** At nasok si Laban sa dampa ni Jakob, at sa dampa ni Lea, at sa dampa ng dalawang alilang babaye, datapua't hindi niya nasumpungan; at paglabas sa dampa ni Lea, ay nasok sa dampa ni Rakel. **34** Nakuha nga ni Rakel ang mga teraf, at naisiksik sa mga daladalahan ng kamello at kaniyang mga inupuan. At inapuhap ni Laban ang boong palibot ng dampa, nguni't hindi niya nasumpungan. **35** At sinabi niya sa kaniyang ama: |Huag magulit ang aking panginoon na ako'y

hindi makatindig sa harap mo; sa pagka't ako'y mairoon ng kaugalian ng mga babaye. At kaniyang hinahanap datapua't hindi masumpungan ang mga teraf. **36** At nag-init si Jakob at nakipagtalo kay Laban: at sumagot si Jakob, at sinabi kay Laban: ¿Ano ang aking pagsalangsang at ang aking kasalanan, upang ikaw ay sumunod sa aking may pag-init? **37** Yamang inapuhap mo ang lahat ng aking kasangkapan, ¿anong nasumpungan mong kasangkapan ng iyong bahay? Ilagay mo rito sa harap ng aking mga kapatid at ng iyong mga kapatid, upang hatulan nila tayong dalawa. **38** Itong dalawang puong taong ipinakisama ko sa iyo, ang iyong mga babayeng tupa, at ang iyong mga babayeng kambing ay hindi nawala ang kanilang mga anak, at ang mga tupang lalaki ng iyong kawan ay hindi ko kinain. **39** Ang nilapa ng mga ganid ay hindi ko dinala sa iyo; ako ang nagdala ng kawalan; sa aking kamay mo hinibingi, maging nanakaw sa araw, o nanakaw sa gabi. **40** Ganito nakaraan ako; sa araw ay pinupugnaw ako ng init, at ng lamig sa gabi; at ang pag-aantok ay tumatakas sa aking mga mata. **41** Itong dalawang puong taong ikinatira ko sa iyong bahay; pinaglingkuran kitang labing-apat na taon dahil sa iyong dalawang anak, at anim na taon dahil sa iyong kawan; at binago mo ang aking kaupahan na makasampung. **42** Kung hindi sumaa kin ang Dios ng aking ama, ang Dios ni Abraham, at ang Takot ni Isaac, walang pagsalang palalayasin mo ako ngayong walang dala. Nakita ng Dios ang aking kapighatian, at ang kapaguran ng akin mga kamay, at kaya't sinaway ka niya kagabi. **43** At sumagot si Laban at sinabi kay Jakob: Ang mga anak na babayeng ito, ay aking mga anak, at itong mga anak ay mga anak ko, at ang mga kawan ay mga kawan ko, at ang lahat ng iyong nakikita ay akin: ¿at anong magagawa ko ngayon sa mga anak kong babaye, o sa kanilang mga anak na ipinanganak nila? **44** At ngayo'y halika, gumawa tayo ng isang tipan, ako't ikaw na maging patotoo sa akin at sa iyo. **45** At kumuha si Jakob ng isang bato, at itinindig na haligi. **46** At sinabi ni Jakob sa kaniyang mga kapatid: Manuha kayo ng mga bato; at kumuha sila ng mga bato at kanilang ginawang isang buntong: at sila'y nagkainan doon sa malapit sa buntong. **47** At pinanganlan ni Laban na Jegar-

saladuta, (datapua't pinanganlan ni Jakob na Galeed). **48** At sinabi ni Laban: Ang buntong ito ay saksi sa akin at sa iyo ngayon. Kaya't pinanganlan Galeed: **49** at Mizpa, sapagka't sinabing: Bantayan ng PANGINOON ako at ikaw, pagka tayo'y magkatalayo. **50** Kung pahirapan mo ang aking mga anak, o kung makisama ka sa ibang mga asawa bukod sa aking mga anak, sino man ay wala sa atin; tingnan mo, ang Dios ay saksi sa akin at sa iyo. **51** At sinabi pa ni Laban kay Jakob: Narito, ang buntong ito at ang haliging ito, na aking inilagay sa gitna natin. **52** Maging saksi ang buntong ito, at saksi ang haliging ito, na hindi ko lalagpasan ang buntong ito sa dako mo, at hindi mo lalagpasan ang buntong ito at ang haliging ito sa ikasasama ko. **53** Ang Dios ni Abraham at ang Dios ni Nakor, ang Dios ng ama nila ay lumatol sa atin. At si Jakob ay sumumpa alang-alang sa Takot ng kaniyang amang si Isaac. **54** At paghandog si Jakob ng hayin sa bundok, at tinawag ang kaniyang mga kapatid upang magsikain ng tinapay: at sila'y nagsikain nga ng tinapay, at sila'y nagparaan ng boong gabi sa bundok. **55** At nagbangong maaga sa kinaumagahan si Laban, at hinagkan ang kaniyang mga anak na lalaki at babaye, at mga binasbasan niya; at yumaon at umowi si Laban.

**32** At ipinagpatuloy ni Jakob ang kaniyang paglakad: at sinalubong siya ng mga angel ng Dios. **2** At sinabi ni Jakob ng makita niya sila: Ito'y hukbo ng Dios: at tinawag ang lugar na yaon na Mahanaim.

**3** At si Jakob ay nagsugo ng mga sugo sa unahan niya kay Esau, na kaniyang kapatid, sa lupain ng Seir, parang ng Edom. **4** At inutusan niya sila, na sinabing: Ganito ninyo sasabihin sa aking panginoong kay Esau: Ganito ang sabi ng iyong aliping si Jakob: Dumoon ako kay Laban at ako'y nanatili roon hanggang ngayon; **5** at mairoon akong mga baka, at mga asno, at mga kawan, at mga aliping lalaki at babaye: at ako'y nagpasugo upang magbigay alan sa aking panginoon, upang makasumpung ng biyaya sa iyong paningin. **6** At ang mga sugo ay nagsipagbalik kay Jakob, na nagsabing: Dumating kami sa iyong kapatid na kay Esau, at siya rin naman ay sumasalubong sa iyo, at apat na raang



katawo ang kasama niya. **7** Ng magkagayo'y si Jakob ay natakot na mainam, at nahapis : at kaniyang hinati ang bagyang kasama niya, at ang mga kawan, at ang mga bakalan, at ang mga kamello ng dalawang pulutong; **8** at kaniyang sinasabing : Kung dumating si Esau sa isang pulutong, at kaniyang sugatan, ang pulutong ngang nalalabi ay tataan. **9** At sinabi ni Jakob : | Dios ng aking amang si Abraham, at Dios ng aking amang si Isaak, Oh PANGINOON, na nagsabi sa aking : Magbalik ka sa iyong lupain at sa iyong kamag-anakan, at gagawan kita ng magaling. **10** Hindi ako marapat sa kabataan ng lahat ng kaawaan, at ng lahat ng katotohanan na iyong ipinakita sa iyong alipin; sapagka't dala ko ang aking tungkod, ay dinaanan ko ang Jordang ito, at ngayo'y naging dalawang pulutong ako. **11** Iligtas mo ako, ipinamamanhik ko sa iyo, sa kamay ng aking kapatid, sa kamay ni Esau; sapagka't ako'y natatakot sa kaniya, baka siya'y dumating at ako'y sugatan niya, ang ina sampuo ng mga anak: **12** At ikaw ang nagsabing : Tunay na ikaw ay gagawan ko ng magaling, at gagawin ko ang iyong binhing parang buhangin sa dagat, na hindi mabibilang dahil sa karamihan. **13** At nagparaan doon ng gabing yaon, at kumuha ng nahawakan niya na ipagkaloob kay Esau na kaniyang kapatid; **14** dalawang daang kambing na babaye at dalawang puong lalaking kambing; dalawang daang tupang babaye, at dalawang puong tupang lalaki; **15** tatlong puong kamellong nanaganak sampuo ng kanilang mga anak; apat na puong vaka at sampuon toro; dalawang puong asna at sampuon anak ng mga yaon. **16** At mga ibinigay sa kamay ng kaniyang mga alipin, bawa't kawan ay bukod; at sinabi sa kaniyang mga alipin : Lumagpas kayo sa unahan ko, at iwanan niyo ng isang pag-itan ang bawa't kawan. **17** At iniutos sa una, na sinabing : Pagka ikaw ay nasumpungan ni Esau na aking kapatid, at ikaw ay tinanong na sinabing : | Kanino ikaw? | at saan ka paroroon? | at kanino itong mga nasa unahan mo? **18** kung magkagayo'y sasabihin mong : Sa iyong alipin kay Jakob; isang kaloob nga, na padala sa aking panginoon kay Esau : at, narito't siya'y nasa huliin din naman namin. **19** At iniutos dip sa ikalawa, at sa ikatlo, at sa lahat na sumusuod sa mga kawan, na sinabing : Sa gani-

tong paraan sasalitain niyo kay Esau, pagkasumpung niyo sa kaniya; **20** at sasabihin niyo : Bukod dito, narito, ang iyong alipin si Jakob, ay nasa likuran namin, sapagka't kaniyang sinasabing : Pahuhupain ko ang kaniyang galit sa pamamag-itan ng kaloob na sumasaunahan ko, at pagkatapos, makikita ko ang kaniyang mukha; marahil ay tatanggapin niya ako. **21** Gayon sumaanhan niya ang mga kaloob; at siya'y natira ng gabing yaon sa pulutong.

**22** At siya'y nagbangon ng gabing yaon, at isinama niya ang kaniyang dalawang asawa, at ang kaniyang dalawang alilang babaye, at ang kaniyang labing isang anak at kaniyang mga idinaan sa tawiran ni Jakob. **23** At kaniyang mga isinama at mga idinaan sa batis, at kaniyang idinaan ang kaniyang tinatankilik. **24** At naiwang mag-isa si Jakob; at nakipagbuno ang isang lalaki sa kaniya, hangang sa magbukang liwayway. **25** At ng makita nitong siya'y hindi manaig sa kaniya ay hinipo ang kasukasuan ng hita niya, at ang kasukasuan ni Jakob ay sinaktan samantalang nakikipagbuno sa kaniya. **26** At sinabing : | Bitawan mo ako, sapagka't nagbukang liwayway na. At kaniyang sinabing : Hindi kita bibita-wan hangang hindi mo ako mabasbasan. **27** At sinabi niya sa kaniyang : | Ano ang pangalan mo? At kaniyang sinabing : Jakob. **28** At sinabi niya : Hindi na tatawaging Jakob ang iyong pangalan kungdi Israel; sapagka't ikaw ay nakipagbabag sa Dios at sa mga tawo, at ikaw ay nanaig. **29** At siya'y tinanong ni Jakob, at sinabing : Ipinamamanhik ko sa iyong sabihin mo sa akin ang iyong pangalan. At kaniyang sinabing : | Bakit nagtatanong ka ng aking pangalan? At siya'y binasbasan doon. **30** At tinawag ni Jakob ang lugar na yaong Peniel; sapagka't *wika niya*, nakita ko ang Dios na mukhaan, at naligtas ang aking buhay. **31** At sinikatan siya ng araw ng siya'y nagdadaan sa Panuel; at siya'y nappilay sa hita niya. **32** Kaya't hindi kumakain ang mga anak ng Israel ng litid ng lalakang na nasa kasukasuan ng hita, hangang sa araw ngayon: sapagka't hinipo ng *tawong yaon* ang kasukasuan ng hita ni Jakob, sa litid ng balakang.

**33** At itiningin ni Jakob ang kaniyang mga mata, at tumingin at, narito, si Esau na dumarating, at kasama niya'y apat na raang katawo. At kaniyang bi-

nahagi ang mga bata kay Lea at kay Raket, at sa dalawang alilang babaye. **2** At inilagay niya ang mga alila na kasama ng kanilang mga anak na pinakapanguna, at si Lea na kasama ng kaniyang mga anak na pinakapangalawa, at si Raket at si Jose na pinakapangatlo. **3** At siya rin ay lumagpas sa unahan nila, at yumukod sa lupa na makapito, hangang sa lumapit sa kaniyang kapatid. **4** At tumakbo si Esau na sinalubong siya, at niyakap siya at niyapos siya sa leeg, at hinagkan siya: at nangagsiyak. **5** At itiningin ni Esau ang mga mata niya, at nakita ang mga babaye at ang mga bata, at sinabing: ¿Sinolino itong mga kasama mo? At kaniyang sinabi: Ang mga anak na ipinagkaloob ng Dios sa iyong alipin. **6** Ng magkagay'y nagsilapit ang mga alilang babaye, sila at ang kanilang mga anak, at nagsiluhod. **7** At lumapit din si Lea at ang kaniyang mga anak, at nangagsiluhod; at pagkatapos ay nagsilapit si Jose at si Raket, at nangagsiluhod. **8** At kaniyang sinabing: ¿Anong palagay mo sa boong karamilang ito na nasumpunang ko? At kaniyang sinabing: Ng makasundo ng biyaya sa paningin ng aking panginoon. **9** At sinabi ni Esau: Mairoon akong kasia; kapatid ko, arin mo ang iyo. **10** At sinabi sa kaniya ni Jakob: Hindi, ipinamamanhik ko sa iyo, kung ngayo'y nakasundo ako ng biyaya sa iyong paningin; tangapin mo nga ang aking kaloob sa aking kamay: sa paraang nakita ko ang iyong mukha, na gaya ng nakakakita ng mukha ng Dios, at ikaw ay balugod sa akin. **11** Tangapin mo nga, ipinamamanhik ko sa iyo, ang kaloob na dinala sa iyo: sapagka't ipinagkaloob sa akin ng Dios, at mairoon ako ng lahat. At ipinilit sa kaniya, at kaniyang tinangap. **12** At kaniyang sinabing: Yumaon tayo at tayo'y lumakad, at ako'y sasaunahan mo. **13** At sinabi niya sa kaniya: Nalalaman ng aking panginoon na ang mga bata ay mahihina pa, at ang mga kawan at ang mga vaka ay magpapasuso: at kung ipagnadali sa isa lamang araw ay mamamatay ang lahat ng kawan. **14** Magdaan ang aking panginoon sa harap ng kaniyang alipin, at aking papatnubayang dahandahan, ayon sa hakbang ng mga hayop na nasa aking unahan, at ng hakbang ng mga bata, hangang sa makarating ako sa aking panginoon sa Seir. **15** At sinabi ni Esau: Pahintulutan mong iwan ko sa iyo ang ilan sa

mga tawong nasa akin. At kaniyang sinabing: ¿Ano pang dahil nito? ¿Makasundo ako ng biyaya sa paningin ng aking panginoon! **16** Gayon nagbalik si Esau ng araw ding yaon sa kaniyang paglalakbay sa Seir. **17** At si Jakob ay naglakbay sa Sukot, at pinagtayuan ng isang bahay para sa kaniya, at iginawa niya ng mga dampa ang kaniyang hayop. Kaya't pinanganlan ang lugar na yaon, na Sukot.

**18** At dumating si Jakob na payapa sa ciudad ng Sikem, na nasa lupain ng Kanaan, sa kaniyang pagbabalik sa Paddan-aram; at siya'y magtayo ng kamento sa tapat ng ciudad. **19** At binili ang bahagi ng lupa (na pinagtayuan ng kaniyang dampa,) sa kamay ng mga anak ni Hamor, na ama ni Sikem, ng isang daang pirasong salapi. **20** At siya'y nagtindig doon ng isang altar, at tinawag niyang El-Elohe-Israel,

**34** At lumabas si Dina na anak ni Lea, na ipinanganak nito kay Jakob, upang tingnan ang mga anak na babaye ng lupaing yaon. **2** At siya'y nakita ni Sikem, anak ni Hamor na Heveo, na pangulo sa lupain; at siya'y kinuha at sumiping sa kaniya, na siya'y pinangayupapa. **3** At inilakip niya ang kaniyang kalulua kay Dina, na anak ni Jakob at kaniyang minahal ang dalaga, at nakiusap ng kalugod ng dalaga. **4** At si Sikem ay nagsalita sa kaniyang amang kay Hamor, na sinabing: Ipakanit mo sa akin ang dalagang ito na maging asawa ko. **5** Narinig nga ni Jakob na kaniyang dinahas ang kaniyang anak na si Dina; at ang kaniyang mga anak ay nasa kasamahan ng mga hayop niya sa parang; at tumahimik si Jakob hangang sa sila'y dumating. **6** At nilabas ni Hamor na ama ni Sikem si Jakob upang makiusap sa kaniya. **7** At ang mga anak ni Jakob ay nagsidating na galing sa parang ng kanilang marinig; at nangagdamdandam ang mga lalaki, at nagingas ang kanilang galit, sapagka't gumawa ng kaululan sa Israel, na sinipingan ang anak ni Jakob; bagay na di nararapat gawin. **8** At nakiusap si Hamor sa kanila, na sinabing: Ang kalulua ni Sikem na aking anak ay nalalakip sa inyong anak; ipinamamanhik ko sa inyo na ipagkaloob ninyo sa kaniya, na maging asawa niya. **9** At magsipag-asawa kayo sa amin; ibigay ninyo sa amin ang inyong mga anak na babaye, at ibibigay namin sa inyo ang aming mga

anak na babaye. **10** At tataan kayong kasama namin, at ang lupain ay sasa harap ninyo; tumahan kayo at mangalakal kayo at magkaroon kayo ng mga pag-aari diyan. **11** At sinabi ni Sikem sa ama ni Dina at sa mga kapatid niya: ¡Maka-sundo ako ng biyaya sa inyong mga mata! at ang sabihin ninyo sa akin ay aking ibibigay. **12** Hingin ninyo sa akin ang walang bilang na dote at kaloob, at aking ibibigay ayon sa sabihin ninyo sa akin; ipagkaloob lamang ninyo sa akin ang dalaga na maging asawa. **13** At nagsisagot ang mga anak ni Jakob kay Sikem at kay Hamor na kaniyang ama at sila'y nagsalitaan ng dayaan, sapagka't kaniyang dinahas si Dina na kanilang kapatid, **14** at sinabi sa kanila: Hindi namin magagawa ito, na ibigay ang aming kapatid sa isang hindi tuli; sapagka't isang kasiraan ng puri namin: **15** sa ganitong paraan lamang makapagbibigay lugod kami sa inyo: kung ipahihintulot ninyong kayo'y maging gaya namin, na tutuliin ang lahat ng lalaki sa inyo; **16** kung magkagayo'y ibibigay namin sa inyo ang aming mga anak na babaye, at makikisama kami sa inyong mga anak na babaye, at tataan kami sa inyo, at tayo'y magiging isa lamang bayan. **17** Datapua't kung ayaw ninyo kaming pakingan, na kayo'y mangatuli, dadalhin nga namin ang aming mga anak na babaye at kami ay yayaon. **18** At ang kaniyang mga salita ay kinalugdan ni Hamor at ni Sikem, na anak ni Hamor. **19** At hindi iniliban ng binata ang paggawa niyaon, sapagka't nalulugod siya sa anak na babaye ni Jakob; at siya ang pinakatangi sa boong bahay ng kaniyang ama. **20** At si Hamor at si Sikem na kaniyang anak ay napasa pintuang-daan ng ciudad at kanilang sinalita sa mga tawo sa kanilang ciudad, na sinabing: **21** Ang mga tawong ito ay tahimik sa atin; magsitahan nga sila sa lupain at magsipangalakal sila diyan; sapagka't narito ang lupain, may malabis na kaluangan sa kanila; tayo'y makikisama sa kanilang mga anak na babaye, at ating ibibigay sa kanila ang ating mga anak na babaye. **22** Sa ganito lamang paraan kalulugdan tayo ng mga tawo, sa pagtahan sa atin, na maging isa lamang bayan, kung tulii ang lahat ng lalaki sa atin, gaya naman nila na mga tuli. **23** ¡Di ba magiging atin ang kanilang mga vaka at ang kanilang mga pag-aari at ang lahat ng kanilang hayop? Atin

lamang silang pahintulutan, at tataan sa atin. **24** At pinakingan si Hamor at si Sikem na kaniyang anak, ng lahat na lumalabas sa pintuang-daan ng kaniyang ciudad; at ang lahat ng lalaki ay nagtuli, ang lahat ng lumalabas sa pintuan ng kanilang ciudad. **25** At nangyari, sa ikatlong araw, ng mga nasasakitán, ang dalawa sa mga anak ni Jakob, si Simeon at si Levi, na mga kapatid ni Dina, kumula ang bawa't isa ng kaniyang tabak, at sila'y lihim na pumasok sa ciudad, at kanilang pinatay ang lahat ng lalaki. **26** At kanilang pinatay si Hamor at si Sikem na kaniyang anak, sa talim ng tabak, at kanilang kinuha si Dina sa bahay ni Sikem, at sila'y nagsalis. **27** Nag-siparoon ang mga anak ni Jakob sa mga patay, at kanilang sinamsaman ang ciudad, sapagka't kanilang dinahas ang kanilang kapatid. **28** Kinuha nila ang kanilang mga kawan at ang kanilang mga vakahan, at ang kanilang mga asno, maging ang nasa ciudad gaya ng nasa parang; **29** at ang lahat ng kanilang tinatankilik, at dinala nilang bihag ang lahat ng kanilang mga anak, at ang kanilang mga asawa, na nilooban ang lahat na nasa bahay. **30** At sinabi ni Jakob kay Simeon at kay Levi: Ako'y inyong binagabag, na pinapaging mapagtanim sa mga tumatahan sa lupain, sa mga Kananeo, at sa mga Perezco; at akong may daonting katawo, pagpipisanan nila ako, at ako'y susugatan nila; at lilipulin ako at ang aking bahay. **31** At kanilang sinabing: ¡Aariin bagu niya ang aming kapatid na parang isang dalahira?

**35** At sinabi ng Dios kay Jakob: Magtinding ka, umahon ka sa Bet-el, at tumahan ka roon; at gumawa ka roon ng isang altar sa Dios na napakita sa iyo ng ikaw ay tumatakas mula sa harap ng iyong kapatid na si Esau. **2** Ng magkagayo'y sinabi ni Jakob sa kaniyang kasambahay, at sa lahat ng kaniyang kasama; Ihiwalay ninyo ang mga dios ng iba na nasa gitna ninyo, at magpakalinis kayo, at palitan ninyo ang inyong mga suot: **3** at tayo'y magtinding at sasampa tayo sa Bet-el; at gagawa ako roon ng altar sa Dios na sumagot sa akin sa araw ng aking kahapisan, at sumaakin sa daan na aking nilakaran. **4** At kanilang ibinigay kay Jakob ang lahat ng ibang dios na nasa kamay nila, at ang mga hikaw na nasa sa kanilang mga tainga; at itinago ni Jakob sa ilalim

ng punong encina na nalalapit sa Sikem. **5** At sila'y naglakbay: at ang isang malaking sindak ay sumang ciudad na nasa mga palibot nila, at hindi nila himabul ang mga anak ni Jakob. **6** Sa gayo'y napareon si Jakob sa Luz, na nasa lupain ng Kanaan (na siyang Bet-el), siya at ang boong bayang kasama niya. **7** At siya'y nagtayo roon ng isang altar at tinawag ang lugar na El-bet-el; sapagka't ang Dios ay napakita sa kaniya roon, ng siya'y tumatakas sa harap ng kaniyang kapatid. **8** At namatay si Debora, na yaya ni Rebeka, at nalibing sa paanan ng Bet-el, sa ilalim ng encina, na ang pangalan ay tinawag na Allon-bacuth.

**9** At ang Dios ay napakita uli kay Jakob, ng siya'y mangaling sa Padanaram, at siya'y pinagpala. **10** At sinabi sa kaniya ng Dios: Ang pangalan mo'y Jakob; ang pangalan mo'y lindi na tatawagin pang Jakob, kungdi Israel ang itawag sa iyo: at tinawag ang kaniyang pangalan na Israel. **11** At sinabi sa kaniya ng Dios: Ako ang Dios na Makapangyarihan-sa-lahat: ikaw ay lumago at dumami ka; isang nasyon at isang kapisanan ng mga nasyon ang magmumula sa iyo, at mga hari ay lalabas sa iyong balakang; **12** at ang lupaing ibinigay ko kay Abraham at kay Isaak, sa iyo ko ibibigay, at sa iyong binhi pagkatapos mo, ibibigay ko ang lupaing. **13** At ang Dios ay napailanglung mula sa tabi niya sa lugar na pinakipag-usapan sa kaniya. **14** At si Jakob ay nagtayo ng isang haligi sa lugar na pinakipag-usapan sa kaniya ng Dios; haliging bato: at binuhuan ng isang inuming habandugin, at binuhuan niya ng langis. **15** At pinanganlan ni Jakob, ng Bet-el ang lugar na pinakipag-usapan sa kaniya ng Dios. **16** At sila'y lumakad mula sa Bet-el, at ng makapit na silang darating sa Efrata ay nagdandam na mainam si Raket sa panganganak. **17** At nangyari, ng siya'y nagdaramdam na malnam, na sinabi sa kaniya ng hilot: Huang kang matakot, sapagka't ngayo'y magkakaroon ka ng ibang anak. **18** At nangyari, pagkalagot sa kaniya ng hininga (siya ngay'y namatay), na pinanganlang Ben-oni: datapua't pinanganlan ng kaniyang ama na Benjamin. **19** At namatay si Raket at inilibing sa daang patungo sa Efrata (na siyang Bet-lehem). **20** At nagtayo si Jakob ng isang haligi sa ibabaw ng kaniyang libingan; na siyang haligi ng libingan ni

Raket, hangang ngayon. **21** At lumakad si Israel at itinayo ang kaniyang dampa sa dako pa roon ng moog ng Eder. **22** At nangyari, samantalang tumataban si Israel sa lupaing yaon, na si Ruben ay yumaon at sumiping kay Bilha, na babaye ng kaniyang ama: at ito'y nabalitaan ni Israel.

Labing dalawa nga ang anak na lalaki ni Jakob. **23** Ang mga anak ni Lea, ay: si Ruben ang panganay ni Jakob, at si Simeon, at si Levi, at si Juda, at si Isakar, at si Zabulon: **24** ang mga anak ni Raket, ay: si Jose at si Benjamin: **25** at ang mga anak ni Bilha, na alila ni Raket, ay: si Dan at si Neftali: **26** at ang mga anak ni Zilpa na alila ni Lea, ay: si Gad at si Aser. Ito ang mga anak ni Jakob na ipinanganak sa kaniya sa Padanaram. **27** At napareon si Jakob kay Isaak na kaniyang ama, sa Maare, sa Kiryat-arba (na siyang Hebron) na doon tumahan si Abraham at si Isaak. **28** At ang mga naging araw ni Isaak ay isang daan at walong puong taon. **29** At nalagot ang hininga ni Isaak at namatay, at siya'y nalakip sa kaniyang bayan, matanda at puspos ng mga araw; at inilibing siya ng kaniyang mga anak na si Esau at si Jakob.

**36** Ito nga ang mga lahi ni Esau (na siyang Edom). **2** Si Esau ay nag-asawa sa mga anak ng Kanaan; kay Ada na anak ni Elon na Heteo, at kay Aholibama na anak ni Ana na anak ni Zibeon na Heveo; **3** at kay Basemat na anak ni Ismael, na kapatid ni Nabavot. **4** At ipinanganak si Elifaz ni Ada kay Esau; at ipinanganak si Rewel ni Basemat; **5** at ipinanganak ni Aholibama si Jous, at si Jalam at si Kere: ito ang mga anak ni Esau, na ipinanganak sa kaniya sa lupain ng Kanaan. **6** At dinala ni Esau ang kaniyang mga asawa, at ang kaniyang mga anak na lalaki at babaye, at ang lahat ng tawo sa kaniyang babay, at ang kaniyang hayop, at ang lahat ng kaniyang kawan, at ang lahat niyang tinatankilik na kaniyang tinipon sa lupain ng Kanaan; at napasa ibang lupaing buked kay Jakob na kaniyang kapatid. **7** Sapagka't ang kanilang pag-aari ay tootong napakalaki upang sila'y tumahang magkasama; at ang lupaing na kanilang pinaglakbayan ay hindi makakaya, sapagka't napakarami ang kanilang hayop. **8** At tumahan si Esau sa bundok ng Seir: si Esau ay siyang Edom. **9** At ito

ang mga lahi ni Esau, na ama ng mga Edomita sa bundok ng Seir: **10** Ito ang mga pangalan ng mga anak ni Esau: Si Elifaz, na anak ni Ada na asawa ni Esau, si Rewel na anak ni Basemat, na asawa ni Esau. **11** At ang mga anak ni Elifaz, ay si Teman, si Omar, si Zefo, si Gatam at si Kenaz. **12** At si Timna ay babaye ni Elifaz na anak ni Esau; at ipinanganak kay Elifaz ni Amalek: ito ang mga anak ni Ada na asawa ni Esau. **13** At ito ang mga anak ni Rewel; si Nahat, si Zera, si Zama at si Miza: ito ang mga anak ni Basemat na asawa ni Esau. **14** At ito ang mga anak ni Aholibama, na anak ni Ana na anak ni Zibeon, na asawa ni Esau: at mga ipinanganak niya kay Esau: si Jeus at si Jalam at si Kore. **15** Ito ang mga pangulo sa mga anak ni Esau: ang mga anak ni Elifaz, na pangalanay ni Esau: Ang pangulo Teman, ang pangulo Omar, ang pangulo Zefo, ang pangulo Kenaz, **16** ang pangulo Kore, ang pangulo Gatam, ang pangulo Amalek: sila ang mga pangulong nagmula kay Elifaz sa lupain ng Edom; ito ang mga anak ni Ada. **17** At ito ang mga anak ni Rewel na anak ni Esau; ang pangulo Nahat, ang pangulo Zera, ang pangulo Sama, ang pangulo Miza: ito ang mga pangulong nagmula kay Rewel sa lupain ng Edom; ito ang mga anak ni Basemat, na asawa ni Esau: **18** at ito ang mga anak ni Aholibama na asawa ni Esau; ang pangulo Jeus, ang pangulo Jalam, ang pangulo Kore: ito ang mga pangulong nagmula kay Aholibama na anak ni Ana, na asawa ni Esau. **19** Ito ang mga anak ni Esau, at ito ang kanilang mga pangulo: na siyang Edom.

**20** Ito ang mga anak ni Seir na Horeo, na nagsisitaban sa lupain; si Lotan at si Sobal, at si Zibeon, at si Ana, **21** at si Dizon, at si Ezer, at si Dizan: ito ang mga pangulong nagmula sa mga Horeo, na mga anak ni Seir sa lupain ng Edom. **22**. At ang mga anak ni Lotan, ay si Hori at si Heman; at ang kapatid na babaye ni Lotan ay si Timna. **23** At ito ang mga anak ni Sobal; si Alban, at si Manahat, at si Ebal, at si Sefo, at si Onam. **24** At ito ang mga anak ni Zibeon: Si Aya at si Ana: ito rin ang si Ana na nakasumpong ng mga nainit sa ilang, ng pinasasabsab ang mga asno ni Zibeon na kaniyang ama. **25** At ito ang mga anak ni Ana: si Dizon at si Aholibama, na anak na babaye ni Ana. **26** At ito ang mga

anak ni Dizon: si Hendam, at si Hesban, at si Itran, at si Keran. **27** Ito ang mga anak ni Ezer: si Bilhan, at si Zaavan at si Akan. **28** Ito ang mga anak ni Dizan: si Hus at si Aran. **29** Ito ang mga pangulong nagmula sa mga Horita; ang pangulong Lotan, ang pangulong Zobal, ang pangulong Zibeon. ang pangulong Ana, **30** ang pangulong Dizon, ang pangulong Ezer, ang pangulong Dizan: ito ang mga pangulong nagmula sa mga Horita ayon sa kanilang mga pangulo, sa lupain ng Seir.

**31** At ito ang mga hari na nagsipaghari sa lupain ng Edom, bago maghari ang sino mang hari sa mga anak ng Israel. **32** At si Bela na anak ni Beor ay naghari sa Edom; at ang pangalan ng kaniyang ciudad ay Dinaba. **33** At namatay si Bela, at naghari na kahalili niya si Jobab na anak ni Zerah, na taga Bozra. **34** At namatay si Jobab at naghari na kahalili niya si Husam, sa lupain ng mga Temanita. **35** At namatay si Husam, at naghari na kahalili niya si Hadad na anak ni Badad, na siya ring sumugat kay Madian sa parang ni Moab; at ang pangalan ng kaniyang ciudad ay Avit. **36** At namatay si Hadad at naghari na kahalili niya si Samla na taga Mazreka. **37** At namatay si Samla, at naghari na kahalili niya si Saul, na taga Rehabet na tabi ng Hlog. **38** At namatay si Saul, at naghari na kahalili niya si Baal-hanan na anak ni Akbor. **39** At namatay si Baal-hanan na anak ni Akbor, at naghari na kahalili niya si Hadar: at ang pangalan ng kaniyang ciudad ay Pau; at ang pangalan ng kaniyang asawa ay Mehetabel na anak ni Matred, na anak na babaye ni Mezahab. **40** At ito ang mga pangalan ng mga pangulong nagmula kay Esau, ayon sa kanilang angkan, ayon sa kanilang mga lugar, alinsunod sa kanilang mga pangalan; ang pangulong si Timna, ang pangulong si Alva, ang pangulong si Jetet, **41** ang pangulong si Aholibama, ang pangulong si Ela, ang pangulong si Pinong, **42** ang pangulong si Kenaz, ang pangulong si Teman, ang pangulong si Mibzar, **43** ang pangulong si Magdiel, ang pangulong si Iram: ito ang mga pangulo ni Edom, ayon sa kaniyang mga tahanan sa lupain na kanilang pag-aari. Ito'y si Esau na ama ng mga Edomita.

**37** At tumahan si Jakob sa lupaing mga pinangibabang bayan ng kaniyang ama, sa lupain ng Kanaan.

2 Ito ang lahi ni Jakob: si Jose na may labing pitong taon, ay nagpapasabsab ng kawan na kasama ng kaniyang mga kapatid; at siya'y batang kasamahan ng mga anak ni Bilha at ng mga anak ni Zilpa, na mga asawa ng kaniyang ama: at nagdala si Jose ng balita tungkol sa kasam-an nila sa kanilang ama. 3 At minamahal ni Israel si Jose ng higit kay sa lahat niyang anak, sapagka't siya ang anak ng kaniyang katandaan: at siya'y iginawa ng isang tunika na may sarisaring kulay. 4 At nakita ng kaniyang mga kapatid na siya'y minamahal ng kanilang ama ng higit kay sa lahat niyang kapatid; at siya'y kinapopootan, at hindi nila mapagsalitaan siya ng payapa. 5 At nanaginip si Jose ng panaginip, at isinaysay sa kaniyang mga kapatid; at lalong kinapopootan pa nila siya. 6 At sinabi niya sa kanila: Pakingan ninyo, ipinamamanhik ko sa inyo, itong panaginip na aking napanaginip: 7 sapagka't, narito, tayo'y nagtatali ng mga bigkis ng trigo sa bukid, at, narito, na tumindig ang aking bigkis, at tumuid din naman, samantalang ang inyong mga bigkis pagkakatagay sa palibot ay gumagalang sa aking bigkis. 8 At sa kaniya'y sinabi ng kaniyang mga kapatid: ¿Maglahari ka ba sa amin? ¿o papapanginoon ka sa amin? At lalo pa siyang kinapootan nila dahil sa kaniyang mga panaginip at sa kaniyang mga salita. 9 At siya'y nanaginip pa ng ibang panaginip, at isinaysay sa kaniyang mga kapatid, na sinabing: Narito, ako'y nanaginip ng ibang panaginip, at narito, na ang araw, at ang buan at ang labing isang bituin ay gumagalang sa akin. 10 At kaniyang isinaysay sa kaniyang ama at sa kaniyang mga kapatid; at sinaway siya ng kaniyang ama, at sa kaniya'y sinabing: ¿Anong panaginip itong iyong napanaginip? ¿Tunay ba ang paroroon ako at ang iyong ina at ang iyong mga kapatid na kami ay yuyukod sa lupa sa harap mo? 11 At ang kaniyang mga kapatid ay nainigat sa kaniya; datapua't iningatan ng kaniyang ama ang salita sa pag-lisip; 12 At naparoon ang kaniyang mga kapatid upang magpasabsab ng kawan ng kanilang ama, sa Sikem. 13 At sinabi ni Israel kay Jose: ¿Di ba nagpapasabsab ang iyong mga kapatid ng kawan sa Sikem? Ilalika, at utusan kita sa kanila. At sinabi niya sa kaniya: Narito ako. 14 At kaniyang sinabi sa kaniyang: Yumaon ka, tingnan mo kung anong tayo ng iyong mga

kapatid, at kung anong lagay ng kawan; at dalhin mo rito sa akin ang sagot. Gayon inutusan siya mula sa libis ng Hebron, at siya'y naparoon sa Sikem. 15 At nasumpungan siya ng isang tawo, at, narito, na siya'y naggagala sa parang; at siya'y tinanong ng tawong yaon, na sinabing: ¿Anong hinahanap mo? 16 At kaniyang sinabing: Hinahanap ko ang aking mga kapatid; ipinamamanhik ko sa iyo na sabihin mo sa akin kung saan sila nagpapasabsab. 17 At sinabi ng tawong: Nagsiallis na dito sila: sapagka't naririnig kong kanilang sinabing: Tayo na sa Dotan. At sinundan ni Jose ang kaniyang mga kapatid, at nasumpungan niya sila sa Dotan. 18 At kanilang natanawan sa malayo siya, at bago lumapit sa kanila ay nagsang-usapan sila laban sa kaniya upang ipapatay siya. 19 At nagsabisabihang: ¿Narito't dumarating ang mapanaginiping iyan! 20 Hali kayo ngayon, siya'y ating patayin, at siya'y ating itapon sa isa sa mga balon; at ating sasabihing isang mabangis na hayop ay sumakmal sa kaniya: at ating makikita kung anong mangyayari sa kaniyang mga panaginip. 21 At narinig ni Ruben, at iniligtas sa kanilang kamay, na sinabing: Huag nating patayin siya. 22 At sinabi ni Ruben sa kanila: Huag tayong magbubo ng dugo; itapon ninyo sa balong ito na nasa ilang, datapua't huag ninyong pagbuhatan ng kamay: upang iligtas sa kanilang kamay ng mapabalik sa kaniyang ama. 23 At nangyari, ng dumating si Jose sa kaniyang mga kapatid, na hinubdan siya ng kaniyang tunika, ng tunikang may sarisaring kulay na kaniyang suot; 24 at kanilang sinungaban, at kanilang itinapon sa balon: at ang balon ay tuyo, walang tubig. 25 At nagsiupong kumain ng tinapay: at kanilang itinigin ang kanilang mga mata at tumingin sila, at, narito, ang isang pulutong na mga Ismaelita na nagsisipangaling sa Galaad, at ang kanilang mga kamello ay may dalang mga pabango, at mga balsamo, at mga mirra, na kanilang dinadala sa Egipto. 26 At sinabi ni Juda sa kaniyang mga kapatid: ¿Anong ating mapakinabang na ating patayin ang ating kapatid, at lilihim ang kaniyang dugo? 27 Narito kayo at atin siyang ipagbili sa mga Ismaelita, at huag nating pagbuhatan ng kamay siya; sapagka't siya'y ating kapatid, siya'y atin ding laman. At nakipagkasundo sa ka-

niya ang kaniyang mga kapatid. **28** At nagsisipagdaan ang mga mangangalakal na mga Madianita; at kanilang isinampa si Jose sa balon, at ipinagbili nila si Jose sa mga Ismaelita ng dalawang puong pirasong pilak. At dinala si Jose sa Egipto. **29** At ng magbalik si Ruben sa balon, at narito, na si Jose ay wala sa balon, at kaniyang hinapak ang kaniyang mga suot. **30** At siya'y nagbalik sa kaniyang mga kapatid, at kaniyang sinabing: |Wala ang bata! at ako |saan ako paroroon? **31** At kanilang kinuha ang tunika ni Jose, at sila'y pumatay ng isang lalaking kambing, at kanilang tinina ang tunika sa dugo: **32** at kanilang ipinadala ang tunikang may sarisaring katay, at dinala sa kanilang ama; at kanilang sinabing: Ito'y aming nasumpungan: kilalanin mo ngayon, kung tunika ng iyong anak o hindi. **33** At kaniyang kinilala, at sinabing: |Ang tunika ng aking anak nga; isang mabangis na hayop ang sumakmal sa kaniya, si Jose ay walang pagsalang nilapa! **34** At hinapak ni Jakob ang kaniyang mga suot, at kaniyang nilagyan ng magaspang na damit ang kaniyang mga balakang, at tumangis na mahabang araw dahil sa kaniyang anak. **35** At nagsipagtindig ang lahat niyang mga anak na lalaki at babaye upang siya'y aliwin; at datapua't hindi niya inibig na siya'y maaliw; at kaniyang sinabing: |Sapagka't lulusong akong tumatangis sa aking anak hangang sa libingan. At tinatanganan siya ng kaniyang ama. **36** At ipinagbili siya ng mga Medianita sa Egipto kay Potifar, official ni Faraon, kapitan ng bantay.

**38** At nangyari, ng panahong ito, na humiwalay si Juda sa kaniyang mga kapatid at nakipagkaibigan sa isang Adullamita na tinatawag na Hira. **2** At nakita roon ni Juda ang anak na babaye ng isang Kananeo, na tinatawag na Sua; at kinuha niya, at siya'y nakisama. **3** At naglihi, at nanganak ng lalaki; at kaniyang pinanganlang Er. **4** At naglihi uli, at nanganak ng lalaki, at pinanganlang Onan. **5** At muling naglihi at nanganak ng lalaki, at pinanganlang Sela: at si Juda ay nasa sa Kizib ng siya'y manganak. **6** At ikinuha ng asawa ni Juda si Ker na kaniyang panganay, at ang kaniyang pangalan ay Tamar. **7** At si Er, na panganay ni Juda, naging masama sa paningin ng PANGINOON; at siya'y pinatay ng PANGINOON. **8** At sinabi ni Juda kay

Onan: Makisama ka sa asawa ng iyong kapatid, at tuparin mo ang katungkulan ng kapatid, ng asawa sa kaniya, na ipagbangon mo ng lahi ang iyong kapatid. **9** At nalalaman ni Onan na hindi magiging kaniya ang lahi; at nangyari, pagka sisiping siya sa asawa ng kaniyang kapatid, na pinatutulo niya sa lupa, ng huag lamang niyang bigyan ng lahi ang kaniyang kapatid. **10** At ang bagay na ginawa niya ay masama sa paningin ng PANGINOON, at siya'y kaniyang pinatay rin naman. **11** Ng magkagayo'y sinabi ni Juda kay Tamar na kaniyang manugang na babaye: Manatili kang bao sa bahay ng iyong ama, hangang sa lumaki si Sela na aking anak: sapagka't sinasabi niya na: Marahil ay hindi siya mamamatay na gaya ng kaniyang mga kapatid. At yumaon si Tamar at tumahan sa bahay ng kaniyang ama. **12** At dumaan ang mahabang araw; at namatay ang anak ni Sua, na asawa ni Juda, at nag-aliw si Juda; at pumanhik na pinanood ang mga mangugupit sa kaniyang mga tupa, siya at ang kaniyang kaibigang si Hira na Adullamita, sa Timnas. **13** At naibalita kay Tamar, na sinabing: Narito, ang iyong bianang lalaki ay pumapanhik sa Timnas sa paggugupit sa kaniyang mga tupa. **14** At siya'y nag-aliw ng suot pagkabao, at nagtakip ng kaniyang lambong, at pagkapagtakip ay naupo sa pasukan ng Enaim, na nasa daan ng Timnas; sapagka't kaniyang nakikita, na si Sela ay lalaki na, at hindi pa siya ibinibigay na asawa. **15** Nang makita siya ni Juda ay ipinalagay siyang dalahira, sapagka't siya'y nagtakip ng kaniyang mukha. **16** At lumapit sa kaniya, sa tabi ng daan, at sinabing: Narito nga, ipinauamanhik ko sa iyo na ako'y pasipingin mo sa iyo: sapagka't hindi niya nakilalang kaniyang manugang. At kaniyang sinabing: |Anong ibibigay mo sa akin sa iyong pagsiping sa akin? **17** At kaniyang sinabing: Padadalhan kita ng isang anak ng kambing na mula sa kawan. At kaniyang sinabing: |Bibigyan mo bago ako ng sanla hangang sa maipadala mo. **18** At kaniyang sinabing: |Anong sanla ang ibibigay ko sa iyo? At kaniyang sinabing: Ang iyong singsing, at ang iyong pamigkis, at ang tungkod na dala mo sa kamay. At kaniyang mga ibinigay sa kaniya, at sumiping sa kaniya; at siya'y naglihi sa pamamagitan niya. **19** At siya'y nagbangon, at

yumaon, at siya'y nag-alis ng kaniyang lambong, at isinuot ang mga suot ng kaniyang pagkabuo. **20** At ipinadala ni Juda ang anak ng kambing sa pamamag-itan ng kamay ng kaniyang kaibigan, na Adul-lamita, upang tangapin ang sanla sa ka-may ng babaye: datapu't hindi niya nasumpungan. **21** Ng magkagayo'y kaniyang itinanong sa mga tawo sa lugar na yaon, na sinabing: ¿Saan nandoon ang dalahira na nasa tabi ng daan sa Enaim? At kanilang sinabing: Walang naparito-tong sino mang dalahira. **22** At nagbalik siya kay Juda, at sinabing: Hindi ko nasumpungan siya; at gayon din ang mga tawo sa lugar na yaon ay nagsabing: Hindi nagkaroon dito ng sino mang dalahira. **23** At sinabi ni Juda: Kaniyang ariin, ng huag tayong mangahiya: narito, aking ipinadadala ang anak ng kambing na ito at hindi mo siya nasumpungan. **24** At nangyari, na pagkaraan ng may ikatlong buan, na naibalita kay Juda, na sinabing: Ang iyong mauungang na si Tamar ay nakikiapid, at, warito't siya'y buntis sa pakikiapid. At sinabi ni Juda: ¿Siya'y ilabas upang masunog! **25** Ng siya'y ilabas, nagpasugo siya sa kaniyang binaan, na nagsabing: Sa lalaking may ari ng mga ito, ako'y nagdalang tawo: at kaniyang sinabi pa: Ipinamamanhik ko sa iyo, na kilalanin mo kung kanino ang mga ito, ang singsing, ang pamigkis, at ang tungkod. **26** At mga kinilala ni Juda, at sinabing: Siya'y banal kay sa akin; sapagka't hindi ko ibinigay sa kaniya si Selang aking anak. At hindi ko na siya muling nakilala pa. **27** At nangyari, na sa panganganak niya, narito, kambal ang mga nasa kaniyang tiyan. **28** At nangyari, ng nanganganak siya, na inilabas ng isa ang kamay: at binawakan ng hilot at tinalian sa kamay ng isang sinulid na mapula, na sinabing: Ito ang unang lumabas. **29** At nangyari, na pagkaurong ng kaniyang kamay, narito, ang kaniyang kapatid ay lumabas. At kaniyang sinabing: ¿Bakit nagpumiglas ka? At tinawag ang pangalan niyang Fares. **30** At pagkatapos ay lumabas ang kaniyang kapatid, na siyang may sinulid na mapula sa kamay; at tinawag na Zara ang kaniyang pangalan.

**39** At ibinaba si Jose sa Egipto; at binili sina ni Potifar, oficial ni Faraon, kapitan ng bantay, at lalaking taga Egipto, sa kamay ng mga Ismaelita

na nagdala sa kaniya doon. **2** At ang PANONON ay sumasa kay Jose, at naging lalaking mapalad; at siya'y nasa bahay ng kaniyang panginoong taga Egipto. **3** At nakita ng kaniyang panginoon, na ang PANONON ay sumasakaniya, at ang lahat ng kaniyang ginagawa ay pinagpapala ng PANONON sa kaniyang kamay. **4** At nakasumpung si Jose ng biyaya sa kaniyang paningin, at siya'y kaniyang tagapamahala: at sa kaniya'y kaniyang ipinamahala ang pamamahala sa bahay, at ang lahat niyang tinatankilik, ay ipinamahala sa kaniyang kamay. **5** At nangyari, na mula sa panahon na siya'y pamahalain sa kaniyang bahay, at sa lahat ng kaniyang tinatankilik, pinagpala ng PANONON ang bahay ng taga Egipto dahil kay Jose; at ang pagpapala ng PANONON ay nasa sa lahat ng kaniyang tinatankilik, sa bahay at sa parang. **6** At kaniyang ipinamahala ang lahat ng kaniya sa kamay ni Jose; at hindi siya nakikilala ng ano mang bagay na tinatankilik, kungdi ng tinapay na kaniyang kinakain. At si Jose ay may nabuting anyo at may magandang pagmumukha. **7** At nangyari, pagkatapos ng mga bagay na ito, na ang asawa ng kaniyang panginoon ay itinitig ang kaniyang mga mata kay Jose, at nagsabing: ¿Sipingan mo ako! **8** Datapu't siya'y tumangi, at sinabi niya sa asawa ng kaniyang panginoon: Narito, ang aking panginoon ay hindi nakikilala sa akin tungkol sa nasa bahay, at lahat ng kaniyang tinatankilik ay ipinamahala sa aking kamay; ¿walang sino mang malaki sa bahay na ito, kay sa akin; at siya'y walang ipinagkait sa aking ano mang bagay, kungdi ikaw lamang, sapagka't ikaw ay kaniyang asawa: ¿paano ngang aking gagawin itong malaking kasaman, na ipinagkasala laban sa Dios? **10** At nangyari, na samantalang siya'y nakikiusap kay Jose araw-araw, at hindi nakikinig sa kaniya na siya'y sipingan, o tabanan. **11** At nangyari ng panahong ito, na siya'y pumasok sa bahay upang gawin niya ang kaniyang katungkulan; at wala sino man sa mga tawo sa bahay doon sa buob. **12** At siya'y pinigilan niya sa kaniyang suot, na sinabing: ¿Sipingan mo ako! At iniwan niya ang kaniyang suot sa kamay niya, at tunakas, na lumabas. **13** At nangyari, pagkakita niyang iniwan ang kaniyang suot sa kamay niya, at tunakas sa labas, **14** na



siya'y tumawag ng mga tawo sa kaniyang bahay, at sa kanila'y sinabi niya: Nakita na ninyo, na dinalhan niya tayo ng isang Hebreo, upang tayo'y tuyain; siya'y lumapit sa akin upang ako'y sipingan, at ako'y naghihiyaw ng malakas: **15** At nangyari, ngces marinig niyang ako'y nagtaas ng voces at naghihiyaw, na iniwan ang kaniyang suot sa aking siping, at tumakas na lumabas, **15** At kaniyang iningatan ang suot niya sa kaniyang siping, hangang sa dumating ang kaniyang panginoon sa kaniyang bahay. **17** At sinalita niya sa kaniya ng ayon sa mga salitang ito, na sinabing: Lumapit sa akin ang aliping Hebreo na iyong dinala sa atin, upang tuyain ako: **18** at nangyari, sa paraang itinaas ko ang aking voces at ako'y naghihiyaw, na kaniyang iniwan ang kaniyang suot sa aking siping, at tumakas sa labas. **19** At nangyari, (pagkarinig ng kaniyang panginoon ng mga salita na sinalita sa kaniya ng kaniyang asawa, na sinabing: Ganitong paraan ang ginawa sa akin ng iyong alipin); na nag-laab ang kaniyang galit. **20** At dinala ng kaniyang panginoon si Jose, at inilagay sa bilangguan, lugar na pinagkukulungan ng mga bilango ng hari: at siya'y natira doon sa bilangguan. **21** Datapua't ang PANGINOON ay sumasakay Jose, at iginawad sa kaniya ang awa, at binigyan ng biyaya sa paningin ng katiwala sa bilangguan. **22** At ipinamahala ng katiwala sa bilangguan sa mga kamay ni Jose ang lahat ng mga bilango na nasa bilangguan; at ang lahat ng ginagawa doon ay siya ang gumagawa. **23** Hindi tinitingnan ng katiwala ng bilangguan ang ano mang bagay na nasa kaniyang kamay, sapagka't ang PANGINOON'y sumasa kay Jose, at ang kaniyang ginagawa ay pinagpapala ng PANGINOON.

**40** At nangyari, pagkatapos ng mga bagay na ito, na ang katiwala ng hari sa Egipto at ang kaniyang magtitinapay ay nagsisalangsang laban sa kanilang panginoon sa hari sa Egipto. **2** At naginit si Faraon laban sa kaniyang dalawang tagapamahala, sa puno ng mga katiwala at sa puno ng mga magtitinapay. **3** At mga piniit sa bilangguan, sa bahay ng kapitan ng bantay, sa bilanguang kinabilangguan ni Jose. **4** At ibinigay ng kapitan ng bantay kay Jose ang pamamahala sa kanila, at pinaglilingkuran niya sila; at natirang kaonting panahon sa bilangguan. **6** At ang katiwala at ang

magtitinapay ng hari sa Egipto na nanangabilango sa bilangguan, kapua nanaginip ng kanilang panagitip sa isa ring gabi, bawa't isa'y ayon sa pagpapalinaw ng kaniyang panaginip. **6** At si Jose ay naparoon sa kanila sa kinaumagahan, at sila'y titingnan, at narito, sila'y mapanlaw. **7** At kaniyang tinanong ang mga tagapamahala ni Faraon, na mga kasama niya sa bilangguan sa bahay ng kaniyang panginoon, na sinabing: Bakit kayo'y mapanlaw ngayon? **8** At kanilang sinabi sa kaniyang: Kami ay nanaginip, ng panaginip, at wala sino mang makapagpalinaw. At sinabi sa kanila ni Jose: Hindi baga ukol sa Dios ang mga pagpapalinaw? Isinasamo ko sa inyo, na inyong saysayin sa akin. **9** At ang puno ng mga katiwala ay nagsaysay kay Jose ng kaniyang panaginip, at nagsabi sa kaniyang: Sa aking panaginip, narito, ang isang puno ng uvas sa harap ko; **10** at sa puno ng uvas, ay tatlong sangay: at yao'y parang sumupling, bumuka ang bulaklak noon, at ang mga buig noon, ay nagsipagbunga ng mga uvas na binog: **11** at ang mga vaso ni Faraon ay nasa sa aking kamay; at kumuha ako ng mga uvas at aking mga piniga sa vaso ni Faraon, at ibinigay ko ang vaso sa kamay ni Faraon. **12** At sinabi ni Jose sa kaniyang: Ito ang kalinawan niyaon: ang tatlong sangay ay tatlong araw: **13** sa loob ng tatlong araw ay ititindig ni Faraon ang iyong ulo, at isasauli ka sa iyong katungkulan: at ibibigay mo ang vaso ni Faraon sa kaniyang kamay, gaya ng karaniwang ginagawa mong dati ng ikaw ay kaniyang katiwala. **14** Datapua't alalahanin mo ako kung ikaw ay mapabuti na; at isinasamo ko sa iyo, na pagpakitaan mo ako ng kagandahang loob, at bangitin mo ako kay Faraon, at ako'y alisin mo sa bahay na ito: **15** sapagka't ako'y tunay na ninakaw sa lupain ng mga Hebreo: at dito naman ay wala akong ginagawang ano man, upang ako'y ilagay nila sa bilangguan. **16** Ng makita ng puno ng mga magtitinapay, na mabuti ang pagpapalinaw, sinabi niya kay Jose. Ako'y nanaginip din; at, narito, tatlong bakol ng tinapay na maputi ay nasa ibabaw ng aking ulo: **17** at sa kaibaibawan ng bakol ay mairoon ng lahat na sarisaring pagkaing niluto ng magtitinapay para kay Faraon; at kinakain ng mga ibon sa bakol na nasa ibabaw ng aking ulo. **18** At si Jose ay sumagot, at nagsabing: Ito ang kalinawan niyaon: Ang tatlong bakol

ay tatlong araw; **19** sa loob ng tatlong araw ay ititindig ni Faraon ang iyong ulo, at ibibitin ka sa isang punong kahoy; at kakanin ng mga ibon ang iyong mga laman. **20** At nangyari ng ikatlong araw, na kapanganakan ni Faraon, na gumawa siya ng isang piging sa lahat ng kaniyang mga alipin; at itimindig niya sa gitna ng mga alipin niya ang ulo ng puno ng mga katiwala, at ang ulo ng puno ng mga magtitinapay. **21** At ibinalik niya ang puno ng mga katiwala sa kaniyang pagkatiwala, at ibinigay niya ang vaso sa kamay ni Faraon: **22** datapua't ang puno ng mga magtitinapay, ay ibinitin sa isang punong kahoy gaya ng ipinaalinaw sa kanila ni Jose. **23** Gayon ma'y hindi na naalala si Jose ng puno ng mga katiwala, kungdi nalinutan siya.

**41** At nangyari, sa katapusan ng dalawang taong ganap, na si Faraon ay nanaginip: at, narito, siya'y nakatayo sa tabi ng ilog. **2** At, narito, umahon sa ilog ay pitong bakang magagandang anyo at matatabang laman; at nagsisabsab sa talahiban. **3** At, narito, ang ibang pitong baka, na nagsisaihon mula sa ilog na nasa likuran nila, mga pangit na anyo, at mga tuyo ang laman; at nagsilinto doon sa tabi ng mga unang baka, sa tabi ng ilog. **4** At ang mga bakang pangit ang anyo at mga tuyo ang laman ay nilamon ang pitong bakang magagandang anyo at matataba. Sa gayo'y nagising si Faraon. **5** At siya'y natulog at nanaginip na bilang ikalawa: at, narito, ang pitong uhay na matataba at mabubuti, na umaakyat sa isa lamang tangkay. **6** At, narito, ang pitong uhay na mga pipi at pinaspas ng hangging silanganan, nagsisitubong kasunod ng mga yaon. **7** At nilamon ng mga uhay na pipi ang pitong uhay na matataba at puno. At nagising si Faraon, at, narito, isang panaginip. **8** At nangyari, sa kinanumagahan, na ang kaniyang espiritu ay nabagabag: at siya'y nagsugo, at kaniyang ipinatawag ang lahat ng mago sa Egipto, at ang lahat ng pantas doon: at isinaysay ni Faraon sa kanila ang kaniyang panaginip; datapua't walang makapagpalinaw kay Faraon. **9** Ng magkagayo'y nagsalita ang puno ng mga katiwala kay Faraon, na sinabing: Naalala ko sa araw na ito ang aking mga sala: **10** nag-init si Faraon laban sa kaniyang mga alipin, at ibinilango ako sa bahay ng kapitan ng bantay, ako at ang puno ng mga magtitinapay: **11** at nangaginip kami ng panaginip sa

isang gabi, ako at siya; nanaginip kapua ayon sa kalinawan ng kaniyang panaginip. **12** At nandoong kasama namin ang isang binata, isang Hebreo, na alipin ng kapitan ng bantay; at siya naming pinagsaysayan, at kaniyang ipinaalinaw sa amin ang amining mga panaginip; at ipinalinaw niya sa bawa't isa ayon sa kaniyang panaginip. **13** At, nangyari, kung paano ang kaniyang pagkapatinaw sa amin, nagkagayon: ako'y pinabalik sa aking katungkulan, at ipinabitin ang isa. **14** Ng magkagayo'y si Faraon ay nagsugo at ipinatawag si Jose, at siya'y inilabas na madalian sa bilangguan: at siya'y nag-abit at nagpalit ng suot, at naparoon kay Faraon. **15** At sinabi ni Faraon kay Jose: Ako'y nanaginip ng isang panaginip, at walang magpalinaw: at narinig kong sinabi tungkol sa iyo, na pagkarinig mo ng isang panaginip ay napaaalinaw mo. **16** At sumagot si Jose kay Faraon, na sinabing: Wala sa akin: Dios ang magbibigay ng sagot na kapayapaan kay Faraon. **17** At sinalita ni Faraon kay Jose: Sa aking panaginip, narito, nakatayo ako sa tabi ng ilog: **18** at, narito, umahon sa ilog ang pitong bakang matatabang laman at magagandang anyo, at nagsisabsab sa talahiban: **19** at, narito, ang ibang pitong baka na umaahon sa likuran nila, mga payat, at napakapangit ang anyo, at mga tuyong laman; kailan ma'y hindi ako nakakita sa boong lupain ng Egipto ng ibang kawanis ng mga yaon sa kasam-an. **20** At kinain ng mga bakang tuyo at pangit, ang pitong nauunang bakang matataba: **21** at ng kanilang mga makain, hindi ko maalaman na sila'y kanilang nakain; datapua't ang kanilang anyo ay pangit ding gaya ng una. Sa gayo'y nagising ako. **22** At nakita sa aking panaginip, at, narito, pitong uhay ay umaakyat sa isang tankay, matataba at mabubuti: **23** at, narito, pitong uhay na tuyo, mga lanta, at pinaspas ng hangging silanganan, nagsisitubong kasunod ng mga yaon: **24** at nilamon ng mga uhay na lanta ang pitong uhay na mabubuti: at aking isinaysay sa mga mago, datapua't walang makapagpahayag noon sa akin. **25** At sinabi ni Jose kay Faraon: Ang panaginip ni Faraon ay isa: ang gagawin ng Dios ay ipinahayag kay Faraon. **26** Ang pitong bakang magaganda ay pitong taon; at ang pitong uhay na magaganda ay pitong taon: ang panaginip ay isa. **27** At ang pitong bakang tuyo

at mga pangit, na umaahong kasunod ng mga yaon ay pitong taon, at ang pitong uhay na tuyo rin naman, na pinapasas ng hanging silanganan; mga magiging pitong taong kagutom. **28** Ito ang bagay na sinalita ko kay Faraon: ang gagawin ng Dios, ipinakilala kay Faraon. **29** Narito, dumarating ang pitong taong may malaking kasaganaan sa boong lupain ng Egipto: **30** at magbabangon, pagkatapos ng mga yaon, ang pitong taong kagutom; at malilimutan yaong boong kasaganaan sa lupain ng Egipto; at pupuksain ng kagutom ang lupain; **31** at ang kasaganaan ay hindi makikilala sa lupain, dahil sa kagutom na sumusunod; sapagka't magiging napakahigpit. **32** At tungkol sa pagkasunod ng panaginip kay Faraon na makalawa, sapagka't bagay na itinatag ng Dios, at ipinagagawang madalian ng Dios. **33** Ngayon nga'y humanap si Faraon ng isang tawong matalino at pantas, at ilagay siya sa lupain ng Egipto. **34** Gawing gayon ni Faraon, at maghalal ng mga tagapamahala sa lupain, na papaglimahing bahagi ang lupain ng Egipto sa loob ng pitong taon ng kasaganaan. **35** At kanilang tipunin ang lahat ng pagkain nitong mabubuting taon na dumarating, at magkamalig ng trigo sa kapangyarihan ng kamay ni Faraon, na pinakapagkain sa mga ciudad, at ingatan. **36** At ang pagkain ay makakamaligin para sa lupain sa pitong taong kagutom na mangyayari sa lupain ng Egipto; upang huag mapuksa ang lupain sa kagutom. **37** At ang bagay ay minabuti ng mga mata ni Faraon, at ng mga mata ng kaniyang mga alipin. **38** At sinabi ni Faraon sa kaniyang mga alipin: 'Makakasumpong pa ba tayo ng ibang gaya nito, tawong kinaroroonan ng espiritu ng Dios? **39** At sinabi ni Faraon kay Jose: Sa paraang ipinakilala sa iyo ng Dios ang lahat ng ito, walang matalino o pantas man na gaya mo: **40** ikaw ay magpupuno sa aking bahay, at ayon sa iyong salita ay pamamahalaan mo ang aking boong bayan; sa luklukang hari lamang magiging lalong mataas ako sa iyo. **41** At sinabi ni Faraon kay Jose: Tingnan mo, ikaw ay inilagay ko sa boong lupain ng Egipto. **42** At inalis ni Faraon sa kamay niya ang kaniyang tandang singsing at inilagay sa kamay ni Jose, at nilagyan siya ng isang cintas na ginto sa palibot ng kaniyang leeg; **43** at siya'y

pinasakay niya sa ikalawang karro na tinatankilik ni Faraon; at isinisigaw sa unahan niya: 'Lumuhod kayo! at inihalal siya na puno sa boong lupain ng Egipto. **44** At sinabi ni Faraon kay Jose: Ako'y si Faraon, at kung wala ka ay hindi magtataas ang tawo ng kaniyang kamay o ng kaniyang paa sa boong lupain ng Egipto. **45** At pinanganlan ni Faraon si Jose na Safenat-panea, at ibinigay na asawa sa kaniya si Asehat, na anak ni Potifera, na sacerdote sa On. At lumabas si Jose, sa lupain ng Egipto. **46** At si Jose ay may tatlong puong taon ng tumayo sa harap ni Faraon na hari sa Egipto. At si Jose ay umalis sa harap ni Faraon, at nilibot ang boong lupain ng Egipto. **47** At nagbunga ang lupain sa boong taon ng sagana. **48** At tinipon ni Jose ang lahat ng bunga sa pitong taon na nagkaroon sa lupain ng Egipto: at itinago ang bunga sa mga ciudad; ang bunga sa bukid na nasa palibot ng bawala't ciudad ay itinago sa loob ng ciudad ding yaon. **49** At si Jose ay nagkamalig ng trigo na parang buhangin sa dagat, napakarami hangang sa hindi nabilang; sapagka't walang bilang. **50** At bago dumating ang taong kagutom ay ipinanganak kay Jose ang dalawang lalaki, na ipinanganak sa kaniya ni Asehat na anak ni Potifera, na sacerdote sa On. **51** At pinanganlan ni Jose ang panganay na Manases, sapagka't wika niya'y: Ipinalimot ng Dios sa akin ang lahat ng aking kapagalan at ang boong bahay ng aking ama. **52** At ang ipinanganlan sa ikalawa ay Efraim, na sinabing: Sapagka't ako'y pinalago ng Dios sa lupain na aking kapighatian. **53** At ang pitong taon ng kasaganaan na nagkaroon sa lupain ng Egipto ay natapos. **54** At ang pitong taon ng kagutom ay nagpasimulang dumating, ayon sa sinabi ni Jose: at nagkagutom sa lahat ng lupain; datapunta sa boong lupain ng Egipto ay may tinapay. **55** At ng ang boong lupain ng Egipto ay magutom, dumaing ang bayan kay Faraon ng tinapay: at sinabi ni Faraon sa lahat ng taga Egipto: Pumaroon kayo kay Jose; ang kaniyang sabihin sa inyo ay inyong gawin. **56** At ang kagutom ay nasa ibabaw ng boong balat ng lupain: at binuksan ni Jose ang lahat ng kamalig, at nagbili sa mga taga Egipto; sapagka't lumalala ang kagutom sa lupain ng Egipto. **57** At ang lahat ng taga ibang lupain ay nagsiparoon kay Jose upang

magsibili ng trigo; sapagka't lumalala ang kagutom sa boong lupa.

**42** Nakita nga ni Jakob na may trigo sa Egipto, at sinabi ni Jakob sa kaniyang mga anak: ; Bakit kayo nangagtinginginan? **2** At kaniyang sinabing: Narito, aking narinig na may trigo sa Egipto; bumaba kayo roon, at bumili kayo roon ng sa ganang atin, upang tayo'y mabuhay at huag mamatay. **3** At ang sampuonng kapatid ni Jose ay bumaba, na bumili ng trigo sa Egipto. **4** Datapua't si Benjamin na kapatid ni Jose, hindi sinugo ni Jakob na kasama ng kaniyang mga kapatid, sapagka't wika niya'y: Baka sakaling may mangyari sa kaniyang ano mang kapahamakan. **5** At ang mga anak ni Israel ay nagpipoonng bumili, sa gitna ng mga nagsisiparoon; sapagka't nagkakagutom sa lupain ng Kanaan. **6** At si Jose ang gobernador sa lupain, siya ang nagbibili ng trigo sa lahat ng bayan sa lupain: at nagsidating ang mga kapatid ni Jose at nangapatirapa sa kaniya, na ang kanilang mga mukha ay pasubasob. **7** At nakita ni Jose ang kaniyang mga kapatid, at kaniyang nangakilala, datapua't siya'y nagkunnaring iba sa kanila, at sila'y kinausap niya ng gilas, na sinabi sa kanilang: ; Saan kayo nag-iipangaling? At sila'y nag-abing: Sa lupain ng Kanaan, upang bumili ng pagkain. **8** At nakilala ni Jose ang kaniyang mga kapatid, datapua't hindi nila siya nakilala. **9** At naalaala ni Jose ang mga panaginip na kaniyang napanaginip tungkol sa kanila, at sa kanila'y sinabing: ; Kayo'y mga tiktik; upang tingnan niyo ang kahubaran ng lupain kaya kayo naparito! **10** At kanilang sinabi sa kaniyang: Hindi, panginoon ko, kungdi ang inyong mga alipin ay nagsiparito upang bumili ng pagkain. **11** Kaming lahat ay anak ng isa lamang lalaki; kami ay mga tawong mabuti, ang inyong mga alipin ay hindi mga tiktik. **12** At kaniyang sinabing: Hindi, kungdi upang tingnan ang kahubaran ng lupain kaya kayo naparito. **13** At kanilang sinabing: Kaming iyong mga alipin ay labing dalawang magkakapatid, mga anak ng isa lamang lalaki sa lupain ng Kanaan; at, narito, ang bunso ay nasa aming ama ngayon, at ang isa'y Iyan. **14** At sinabi sa kanila ni Jose: Walang sinabing ko sa inyo, na sinabing: Kayo'y mga tiktik. **15** dito ko kayo matitikman: ; Alang-alang sa buhay ni Faraon

ay hindi kayo aalis dito, kungdi pumarito ang inyong kapatid na bunso! **16** Sugnin niyo ang isa sa inyo, na dalhin dito ang inyong kapatid, at kayo'y ngabilalango; upang matikman ang inyong mga salita, kung may katotehanan sa inyo: at kung hindi alang-alang sa buhay ni Faraon, tinay na mga tiktik kayo! **17** At kaniyang inilagay silang lahat na magkakasama sa bilangguan na tatlong araw. **18** At sinabi ni Jose sa kanila sa ikatlong araw: Gawin niyo ito at mangaluhay kayo; sapagka't natatakot ako sa Dios: **19** kung kayo'y mga tawong tapat, matira ang isa sa inyong magkakapatid na bilangguan sa buhay na pinagbilangnan sa inyo; datapua't kayo'y yumaon, dalhin niyo ang trigo dahil sa kagutom sa inyong mga ka-ambabay: **20** at dalhin niyo sa akin ang inyong kapatid na bunso; sa ganito'y mapagkikilala ang inyong mga salita, at hindi kayo mangamamatay. At kanilang ginawang gayon. **21** At sila'y nagsabihang: Katotehanang tayo'y salarin tungkol sa ating kapatid, sapagka't nakita natin aog kahapisan ng kaniyang kaluluha, ng namamanhik sa atin at hindi natin siya dininig; kaya't dumarating sa atin ang kahapisang ito. **22** At si Ruben ay sumagot sa kanila, na bagsabing: ; Di ba sinasabi ko sa inyong ganito: Huag kayong magkasala laban sa bata; at hindi niyo ako dininig; kaya't naman, narite, ang kaniyang dugo ay nagsasakdal. **23** At hindi nila nalalaman na sila'y pinakikingan ni Jose; sapagka't may tagapagpalinaw sa kanila. **24** At siya'y lumawalay sa kanila, at umiyak; at siya'y nagbalik sa kanila, at sila'y kinausap, at kinuha sa kanila si Simeon, at siya'y tinalian sa harap ng kanilang mga mata. **25** Ng magkagayo'y ipinag-utos ni Jose na punuin ang kanilang mga bayong ng trigo, at ibalik ang salapi ng baw't isa sa kanikaniyang bayong, at sila'y bigyan ng pagkain sa daan: at ginawa sa kanilang gayon. **26** At kanilang pinasaran ng trigo ang kanilang mga asno, at sila'y yumaon mula roon. **27** At pagbubukas ng isa ng kaniyang bayong upang bigyan ng pagkain ang kaniyang asno sa tulayan, nakita niya ang kaniyang salapi; at, narito, nasa labi ng kaniyang bayong. **28** At sinabi niya sa kaniyang mga kapatid: ; Ang salapi ko ay nasauli; at narito't nasa aking bayong! At kumukutog ang kanilang puso; at nangagtinginan na nanganginginig, na nagsabihang: ; An-

itong ginawa ng Dios sa atin? **29** At sila'y dumating kay Jakob na kanilang ama sa lupain ng Kanaan, at isinaysay nila sa kaniya ang lahat na nangyari sa kanila, na sinabing: **30** Ang lalaking panginoon sa lupaing yaon ay kinausap kami na magilas, at inari kaming mga tiktik sa lupain. **31** At aming sinabi sa kaniyang: Kami ay mga tawong tapat, hindi kami mga tiktik: **32** kami ay labing dalawang magkakapatid, na mga anak ng aming ama; ang isa'y wala na, at ang bunso ay nasa aming ama ngayon sa lupain ng Kanaan. **33** At sinabi sa amin ng lalaking yaon, ng panginoon sa lupain: Dito ko makikilala na kayo'y mga tawong tapat: Mag-iwan kayo sa akin ng isa sa inyong magkakapatid, at magsipagdala kayo ng *trigo dahil* sa kagutom si inyong mga kasambahay, at kayo'y yumaon: **34** at dalhin ninyo rito sa akin ang inyong kapatid na bunso: kung gayo'y makikilala ko, na kayo'y hindi mga tiktik, kungdi kayo'y mga tawong tapat: sa ganito'y isasauli ko sa inyo ang inyong kapatid, at kayo'y mangaglalakbay sa lupain. **35** At nangyari, pag-aalis ng luman ng kanilang mga bayong, na, narito, sa bayong ng bawat isa, nakalagay ang balot ng kanikaniyang salapi! at ng makita nila at ng kanilang ama ang kanilang mga balot ng salapi, ay nangatakot. **36** At sinabi sa kanila ng kanilang amang si Jakob: Inalis na ninyo sa akin ang aking mga anak: si Jose ay wala, at si Simeon ay wala, at aalisin ninyo si Benjamin! lahat ng mga bagay na ito ay laban sa akin! **37** At sinabi ni Ruben sa kaniyang ama na: Ipapatay mo ang aking dalawang anak kung siya'y hindi ko dalhin sa iyo: ibigay mo sa aking kamay, at siya'y aking ibabalik sa iyo. **38** At kaniyang sinabing: Hindi yayaon ang aking anak na kasama ninyo; sapagka't ang kaniyang kapatid ay patay na, at siya lamang ang natira: kung mangyari sa kaniya ang ano mang kapaalamakan sa daan na inyong paroroonan, pabababain nga ninyo ang aking mga uban sa libingan na may kapaalawan.

**43** At ang kagutom ay mahigpit sa lupain. **2** At nangyari, pagkakin nila ng trigong dinala mula sa Egipto, na sinabi sa kanila ng kanilang ama: Kayo'y magbalik, ibili ninyo tayo ng kaonting pagkain. **3** At si Juda ay nagsalita sa kaniya, na sinabing: Ipinahayag sa aming mahigpit ng lalaking

yaon, na sinabing: Hindi ninyo makikita ang aking mukha, malihan na ipag-sama ninyo ang inyong kapatid. **4** Kung pasasamahin mo sa amin ang aming kapatid, bababa kami, at ibibili ka namin ng pagkain: **5** datapua't kung hindi mo susuguin hindi kami bababa: sapagka't sinabi sa amin ng lalaking yaon: Hindi ninyo makikita ang aking mukha, malibang kasama ninyo ang inyong kapatid. **6** At sinabi ni Israel: Bakit ninyo ako ginawan ng masama, na inyong sinabi sa lalaki na mairoon pa kayong ibang kapatid? **7** At kanilang sinabing: Tinanong kami ng lalaki ng boong siyasat, tungkol sa amin, at tungkol sa aming kamag-anakan, na sinabing: Buhay pa ba ang inyong ama? May iba pa ba kayong kapatid? At isinaysay namin sa kaniya ayon sa mga salitang ito: Saan namin malalaman, na kaniyang sasabihing: Ibaba ninyo rito ang inyong kapatid? **8** At sinabi ni Juda kay Israel na kaniyang ama: Pasamahin mo sa akin ang bata; at kami ay magsisitindig at magsisiyaon; upang tayo'y mabuhay at huag mamatay, kami, at ikaw, at gayon din ang aming mga bata. **9** Ako ang mananagot sa kaniya; sa aking kamay hahapanin mo siya: kung hindi ko ibalik sa iyo, at siya'y ilagay ko sa harap mo, pasanin ko ang sala magpakailan pa man sa iyo! **10** Sapagka't kung hindi tayo nagluat, nakapagbalik na kaming makalawa. **11** At sinabi sa kanila ng kanilang amang si Israel: Kung gayon, ngayo'y gawin ninyo ito: Magdala kayo sa inyong bayong ng mga piling bunga ng lupain, at magdala kayo sa lalaki ng kaloob: kaonting balsamo at kaonting pulot, pabango, at mirra, mga pile at almendras: **12** at magdala kayo ng makalawang halaga na salapi sa inyong kamay; at ang salaping nabalik sa labi ng inyong mga bayong ay dalhin ninyong muli sa inyong kamay: marahil ay kalituhan: **13** dalhin din ninyo ang inyong kapatid, at magtinding kayo at magbalik kayo sa lalaki: **14** at pagkalooban kayo ng Dios na Makapang-yarihan-sa-lahat ng kaawaan sa harap ng lalaking yaon, upang isauli sa inyo ang inyong isang kapatid at si Benjamin? At kung mawawala ang aking mga anak ay mawawala ako!

**15** At dinala ng mga lalaki ang kaloob na yaon; at makalawang halaga na salapi ang dinala sa kanilang kamay, at

si Benjamin; at nagsipagtindig, at nagsibaba sa Egipto, at nagsiharap kay Jose.

**16** At ng makita ni Jose si Benjamin na kasama nila, sinabi sa katiwala ng kaniyang bahay: Dalhin mo ang mga lalaking iyan sa bahay, at magpatay ka ng mga hayop, at ihanda mo; sapagka't ang mga lalaki ay magsisipananghaling kasalo ko sa katanglaliang tapat. **17** At ginawa ng lalaki ang ayon sa inutos sa kaniya ni Jose: at mga dinala ng lalaki sa bahay ni Jose. **18** At ang mga lalaki ay nangatakot, sapagka't sila'y dinala sa bahay ni Jose; at kanilang sinasabi: Dahil sa salaping isinauli sa ating mga bayong ng una, tayo'y dinala rito, upang makipag-usapin sa atin, at tayo'y ibagsak niya, at tayo'y arin niyang parang mga alipin, at ang ating mga asno. **19** At sila'y nagsilapit sa katiwala ng bahay ni Jose, at kinausap nila sa pintuan ng bahay, **20** at sinabi nila: Oh pangiuoon ko, tunay na kami ay bumaba ng una na bumili ng pagkain: **21** at nangyari, ng dumating kami sa tuluyan, na binuksan namin ang aming mga bayong, at, narito, ang salapi ng baw't isa sa labi ng kanikaniyang bayong, ang salapi namin sa tunay na timbang: at aming muling dinala sa arin ng kamay. **22** At nagdala kami ng ibang salapi sa aming kamay upang ibili ng pagkain: hindi namin nalalaman kung sino ang naglagay ng aming salapi sa aming mga bayong. **23** At kaniyang sinabi sa kanila: Kapayapaan ang sumainyo; huag kayong matakot! ang Dios ninyo at ang Dios ng inyong ama ay binigyan kayo ng kayamanang natatayo sa inyong mga bayong; tinanggap ko ang inyong salapi. At inilabas si Simeon sa kanila. **24** At dinala ng lalaki ang mga lalaki sa bahay ni Jose, at sila'y binigyan ng tubig, at nangaghugas ng kanilang mga paa, at binigyan ng pagkain ang kanilang mga asno. **25** At kanilang inihanda ang pagkain para sa pagdating ni Jose sa katanghaliang tapat; sapagka't kanilang narinig na doon sila magsisikain ng tinapay. **26** At ng dumating si Jose sa bahay, dinala nila sa kaniya sa loob ng bahay, ang kalob na nasa kanilang kamay; at sila'y nagpatirapa sa harap niya. **27** At sila'y kaniyang tinanong tungkol sa kanilang kalagayan, at sinabing: Gwala bagang sakit ang inyong ama, ang matauda na inyong sinalita? gubay pa ba? **28** At kanilang sinabing: Walang sakit ang iyong alipin na aming ama, buhay pa. At

sila'y nagsiyukod at nagsigalang. **29** At itiningin niya ang kaniyang mga mata, at nakita si Benjamin na kapatid niya, na anak ng kaniyang ina, at sinabing: Ito baga ang inyong kapatid na bunso, na inyong sinalita sa akin? At kaniyang sinabing: Pagpalain ka ng Dios, anak ko! **30** At nagmadali si Jose, sapagka't nagniningas ang kaniyang loob dahil sa kaniyang kapatid; at humanap ng lugar na maiiyakan; at pumasok sa kaniyang silid, at umiyak doon. **31** At siya'y naghilamos at lumabas; at nagpigil ng loob, at sinabing: Ihayin ninyo ang pagkain. **32** At kanilang inihayin, siya'y bukod, at sila'y bukod, at ang mga taga Egipto na kumakaing kasama niya ay bukod; sapagka't ang mga taga Egipto ay hindi makakaing kasalo ng mga Hebreo; sapagka't kasuklamsuklam ito sa mga taga Egipto. **33** At sila'y nagsiupo sa harap niya, ang panganyay ayon sa kaniyang pagkapananganay, at ang bunso ayon sa kaniyang pagkabunso; at ang mga lalaki ay nangamamanghang isa't isa. **34** At idinampot ni Jose sa harap niya ng mga bahagi sila: datapua't ang bahagi ni Benjamin ay humiligat kay sa mga bahagi ng alin man sa kanila ng makalima. At nangag-inuman at nangakipagkatua sa kaniya.

**44** At kaniyang inutos sa katiwala ng kaniyang bahay, na sinabing: Punuin mo ng mga pagkain ang mga bayong ng mga lalaking ito, kung gaano ang kanilang madadala: at ilagay mo ang salapi ng baw't isa sa labi ng kanikaniyang bayong. **2** At ilagay mo ang aking kopa, ang kopang pilak, sa labi ng bayong ng bunso, at ang salapi ng kaniyang trigo. At ginawa niya ang ayon sa salita na sinalita ni Jose. **3** At paglilivan ng kinaumagahan, pinapagpaalam ang mga lalaki, sila at ang kanilang mga asno. **4** Ng sila'y mangakalabas na sa ciudad, at hindi pa sila nalalayo, sinabi ni Jose sa katiwala ng kaniyang bahay: Magbangon ka, habulin mo ang mga lalaki! at pagka sila'y iyong inabutan, sasabihin mo sa kanila: Bakit iginanti ninyo ay kasaman sa kabutihan? **5** Hindi ba ang kopang ito ang iniiutuman ng aking pangiuoon, at tunay na kaniyang ipinanghuhula? Kayo'y gumawa ng masama sa paggawa ng ganyan. **6** At kaniyang inabutan, at kaniyang sinalita sa kanila ang mga salitang ito. **7** At kanilang sinabi sa kaniya: Bakit sinalita ng aking

panginoon ang mga salitang ito? | Huag itulot ng Dios na gumawa ang iyong mga alipin ng kaniyang bagay! **8** Narito, ang salapi na aming nasumpungan sa labi ng aming mga bayong ay aming isinauli sa iyo mula sa lupain ng Kanaan; | paano ngang kami ay maganakaw sa bahay ng iyong panginoon ng pilak o ginto? **9** Yaong kasumpungan sa iyong mga alipin, ay mamatay, at kami rin naman ay magiging alipin ng aming panginoon. **10** At kaniyang sinabing: Mangyari nga ang ayon sa inyong mga salita: yaong kasumpungan ay magiging aking alipin; at kayo'y mawawalan ng sala. **11** Ng magkagayo'y sila'y nagmadali at ibinaba ng bawat isa ang kaniyang bayong sa lupa; at binuksan ng bawat isa ang kaniyang bayong. **12** At kaniyang hinanap, na pinasiwulan sa panganay at niwakasan sa bunso: at nasumpungan ang kopa sa bayong ni Benjamin. **13** Ng magkagayo'y kanilang hinapak ang kanilang mga suot, at pinasan ng bawat isa ang kaniyang asno, at nagsipagbalik sa ciudad. **14** At si Juda at ang kaniyang mga kapatid ay dumating sa bahay ni Jose, at siya'y nandodoon pa, at sila'y nangagpatirapa sa lupa sa harap niya. **15** At sinabi sa kanila ni Jose: | Anong gawa itong iyong ginawa? | Hindi ba ninyo nalalaman na ang isang tawo na gaya ko ay tunay na makahuhula? **16** At sinabi ni Juda: | Anong aming sasabihin sa aming panginoon? | Anong aming sasalitain o paanong kami ay magpapatotoo? Inilitaw ng Dios ang kasam-an ng iyong mga alipin. | Narito, kami ay alipin ng aming panginoon, gayon kami, gaya niyaong kinasumpungan ng kopa! **17** At kaniyang sinabing: Huag itulot ng Dios na ako'y gumawa ng kaniyan: Ang tawong kinasumpungan ng kopa, siyang magiging aking alipin; datapua't tungkol sa inyo ay sumampa kayong payapa sa inyong ama.

**18** Ng magkagayo'y lumapit si Juda sa kaniya, at sinabing: Oh panginoon ko, ipinamamanhik ko sa iyo na magsalita ang iyong alipin ng isang salita sa mga pakinig ng aking panginoon, at huag magalab ang iyong loob laban sa iyong alipin, sapagka't ikaw ay parang si Faraon. **19** Tinanong ng aking panginoon ang kaniyang mga alipin, na sinabing: | Kayo'y mairoon bang ama o kapatid? **20** At aming sinabi sa aking panginoon: Kami ay may ama, isang matanda at isang anak sa kaniyang katandaan, isang bata: at ang

kaniyang kapatid ay namatay, at siya lamang ang naiwan ng kaniyang ina, at minamahal siya ng kaniyang ama. **21** At sinabi mo sa iyong mga alipin: Dalhin ninyo rito sa akin, upang maitingin ko ang aking mga mata sa kaniya. **22** At aming sinabi sa aking panginoon: Hindi maiiwan ng bata ang kaniyang ama: sapagka't kung iiwan niya ang kaniyang ama, ang ama niya'y mamamatay. **23** At iyong sinabi sa iyong mga alipin: Hindi na ninyo makikita ang aking mukha, malibang inyong ipagsamang bumaba ang inyong kapatid na bunso. **24** At nangyari, ng kami ay pumanhik sa *kinaroroonan* ng iyong aliping aking ama, aming isinaysay sa kaniya ang mga salita ng aking panginoon. **25** At sinabi ng aming ama: Bumalik kayo, ibili ninyo tayo ng kaonting pagkain. **26** At aming sinabing: Hindi kami makabababa: kung ang aming bunsong kapatid ay kasama namin ay hababa nga kami: sapagka't hindi namin makikita ang mukha ng lalaking yaon, maliban ang aming bunsong kapatid ay kasama namin. **27** At sinabi ng iyong aliping aming ama sa amin: Inyong talastas na ang aking asawa ay nagkaanak sa akin ng dalawang lalaki: **28** at ang isa'y umalis sa akin, at aking sinabing: Tunay na siya'y nalapa; at hindi ko siya nakita mula noon: **29** at kung inyong kunin pa ang isang ito sa akin, at may mangyaring sakuna sa kaniya, inyong ibababa ang aking uban sa libingan na may kapanlawan; **30** Ngayon nga'y kung ako'y dumating sa iyong aliping aking ama, at ang bata ay hindi namin kasama; (sa paraang ang kaniyang buhay ay natatali sa buhay ng batang *iyon*.) **31** mangyari nga pagka kaniyang nakita ang bata ay di namin kasama, na mamamatay siya: at ibababa ng iyong mga alipin ang mga uban ng iyong aliping aming ama na may kapanlawan sa libingan. **32** Sapagka't ang iyong alipin ang siyang nanagot sa bata sa aking ama, na nagsabing: Kung hindi ko siya dalhin sa iyo, ay papasanin ko nga ang kalamayan sa aking ama magpakailan man. **33** Ngayon nga, ipahintulot mo na ang iyong alipin, aking isinasamo sa iyo, ay maiwan sa lugar ng bata na pinakaalipin ng aking panginoon; at iyong ipahintulot na ang bata ay sumampang kasama ng kaniyang mga kapatid. **34** | Sapagka't paanong paroroon ako sa aking ama, at ang bata ay di ko

kacama? Baka aking makita pa ang kasam-ang sasapit sa aking ama.

**45** Ng magkagayon si Jose ay hindi nakapagpigil sa harap nilang lahat na nakatayo sa siping niya; at sumigaw: Paalisin ninyo ang lahat ng tawo sa aking harap. At walang tawong tumayo na kasama niya samantalang si Jose ay napakikilala sa kaniyang mga kapatid. **2** At siya'y umiyak ng malakas: at narinig ng mga taga Egipto, at narinig ng bahay ni Faraon. **3** At sinabi ni Jose sa kaniyang mga kapatid: Ako'y si Jose; buhay pa ba ang aking ama? At ang kaniyang mga kapatid ay hindi mgakasagot sa kaniya; sapagka't sila'y nagugulomihan sa kaniyang harap. **4** At sinabi ni Jose sa kaniyang mga kapatid: Lumapit kayo sa akin, isinasamo ko sa inyo. At sila'y lumapit. At kaniyang sinabi: Ako'y si Jose na inyong kapatid, na inyong ipinagbili upang dalhin sa Egipto. **5** At ngayo'y huag kayong magdalahati, o magalit man sa inyong sarili, na inyo akong ipinagbili rito: sapagka't sinugo ako ng Dios sa harap ninyo upang mag-adya ng buhay. **6** Sapagka't may dalawang taon ng ang kagutom ay nasa lupa: at may limang taon pang hindi magkakaroon ng pagbubukid, o pag-aani man. **7** At sinugo ako ng Dios sa harap ninyo upang iadya kayo sa inyong kawakasan pa sa lupa, at upang iligtas kayong buhay sa pamamagitan ng dakilang pagliligtas. **8** Hindi nga kayo ang nagsugo sa akin dito, kungdi Dios: at kaniya akong ginawang ama kay Faraon, at panginoon ng boo niyang buhay, at tagapamahala ng boong lupain ng Egipto. **9** Magnadali kayo at pumaroon kayo sa aking ama, at sabihin ninyo sa kaniya: Ganito ang sabi ng iyong anak na si Jose: Ginawa akong panginoon ng Dios sa boong Egipto: pumarito ka sa akin, huag kang magluat: **10** at ikaw ay tatalan sa lupain ng Gosen, at malalapit ka sa akin, ikaw at ang iyong mga anak, at ang mga anak ng iyong mga anak, at ang iyong mga kawan, at ang iyong mga bakahan, at ang iyong boong tinatankilik: **11** at doo'y pakakanin kita; sapagka't may limang taong kagutom pa; baka ikaw ay madukha, ikaw at ang iyong kasambahay, at ang iyong boong tinatankilik. **12** At, narito, nakikita ng inyong mga mata at ng mga mata ng aking kapatid na si Benjamin, na ang aking bibig ang nagsasalita

sa inyo. **13** At inyong sasaysayin sa aking ama ang aking boong kaluallhatian sa Egipto, at ang inyong boong nakita; at kayo'y magnamadali at inyong ibabaha ang aking ama dito. **14** At siya'y humilig sa leeg ng kaniyang kapatid na si Benjamin, at umiyak; at si Benjamin ay umiyak sa ibabaw ng kaniyang leeg. **15** At kaniyang hinagkan ang lahat niyang kapatid, at umiyak sa kanila: at pagkatapos ang kaniyang mga kapatid ay nakipagsalitaan sa kaniya.

**16** At ang kabantugang yaon ay naibalita sa bahay ni Faraon, na sinabing: Nagsidating ang mga kapatid ni Jose: at minabuti ni Faraon, at ng kaniyang mga alipin. **17** At sinabi ni Faraon kay Jose: Sabihin mo sa iyong mga kapatid: Ito'y gawin ninyo: Papagpansuin ninyo ang inyong mga hayop, at kayo'y yumaon, umuwi sa lupain ng Kanaan; **18** at dalhin ninyo ang inyong ama at ang inyong mga kasambahay, at pumarito kayo sa akin: at aking ibibigay sa inyo ang pinakamabuti sa lupain ng Egipto, at kakanin ninyo ang katawan ng lupain. **19** Ngayo'y inutusan ka, ito'y gawin mo; kumuha kayo ng mga kariton sa lupain ng Egipto para sa inyong mga bata, at sa inyong mga asawa, at dalhin ninyo rito ang inyong ama, at kayo'y pumarito. **20** At huag niyong dalhin ang inyong pag-aari; dahil sa buti ng boong lupain ng Egipto ay inyo. **21** At ginawang gayon ng mga anak ni Israel: at binigyan sila ni Jose ng mga kariton, ayon sa utos ni Faraon, at sila'y binigyan ng makakain sa daan. **22** Sa kanilang lahat ay nagbigay siya ng mga pangpalit na bilisan; uguni't kay Benjamin ay nagbigay siya ng tatlong daang pirasong pilak, at limang pangpalit na bilisan. **23** At sa kaniyang ama ay nagpadala siya ng ganitong paraan: sampu-ong asnong may pa-ang mabuting mga bagay sa Egipto, at sampu-ong asnong babaye na may pasang trigo at tinapay at pagkain ng kaniyang ama sa daan. **24** Sa ganito ay kaniyang pinapagpaalam ang kaniyang mga kapatid, at sila'y yumaon: at kaniyang sinabi sa kanila: Ihuag kayong mag-aalit sa daan. **25** At sila'y sumampa mula sa Egipto, at naparoon sa lupain ng Kanaan, kay Jakob na kanilang ama. **26** At kanilang isinaysay sa kaniya, na sinabiug: Si Jose ay buhay pa, at siya'y puno sa boong lupain ng Egipto. At ang kaniyang puso ay nanlupaypay,



sapagka't di niya pinaniwalaan sila. **27** At kanilang isinaysay sa kaniya ang lahat ng mga salita ni Jose, na kaniyang sinabi sa kanila: at ng kaniyang makita ang mga karitong ipinadala ni Jose upang dalhin sa kaniya, ang espiritu ni Jakob na kanilang ama ay nabuhay uli: **28** at sinabi ni Israel: Siya na; si Jose na aking anak ay buhay pa: ako'y paroroon at titingnan ko siya, bago ako mamatay.

**46** At si Israel ay lumakad, sampuo ng lahat niyang tinatankilik, at napasa Beer-seba, at naghandog ng mga hayin sa Dios ng kaniyang amang si Isaak. **2** At kinausap ng Dios si Israel sa mga panaginip sa gabi, at sinabing: Jakob, Jakob. At siya'y nagsabi: Narito ako. **3** At kaniyang sinabi: **3** Ako'y Dios, ang Dios ng iyong ama: huag kang matakot na bumaba sa Egipto; sapagka't doo'y gagawin kitang isang malaking nasyon: **4** ako'y bababang kasama mo sa Egipto; at tunay na aking isasampa kita uli: at ipapatong ni Jose ang kaniyang kamay sa iyong mga mata. **5** At nagbangon si Jakob mula sa Beer-seba: at dinala ng mga anak ni Israel si Jakob na kanilang ama, at ang kanilang mga bata, at ang kanilang mga asawa, sa mga kariton na ipinadala ni Faraon kay Jakob. **6** At kanilang dinala ang kanilang mga hayop, at ang kanilang mga pag-aari, na kanilang inimpok sa lupain ng Kanaan, at napasa Egipto, si Jakob at ang boong binhi niya na kasama niya: **7** ang kaniyang mga anak na lalaki at babaye, at ang mga anak na lalaki at babaye ng kaniyang mga anak na kasama niya, at ang kaniyang boong binhi ay dinala niyang kasama niya sa Egipto.

**8** At ang mga pangalan ng mga anak ni Israel, na napasa Egipto, ni Jakob at ng kaniyang mga anak: si Ruben na anak na pangnanay ni Jakob. **9** At ang mga anak ni Ruben; si Hanok, at si Pallu, at si Hezron, at si Karmi. **10** At ang mga anak ni Simeon; si Jemuel, at si Jamin, at si Ohad, at si Jakin, at si Zohar, at si Shaul na anak ng isang babayeng Kanaan. **11** At ang mga anak ni Levi; si Gerson, si Kohat, at si Merari. **12** At ang mga anak ni Juda; si Er, at si Onan, at si Sela, at si Perez, at si Zera: nguni't si Er at si Onan ay namatay sa lupain ng Kanaan. At ang mga anak ni Perez; si Hezron, at si Hamul. **13** At ang mga anak ni Isakar; si Tola, at si Puva, at si Job, at si Simron. **14** At ang mga anak

ni Zabulon; si Sered, at si Elon, at si Jahleel. **15** Ito ang mga anak ni Lea, na kaniyang ipinanganak kay Jakob sa Padan-aram, sampuo ng kaniyang anak na babayeng si Dina: ang lahat na kalulua ng kaniyang mga anak na lalaki at babaye ay tatlong puo't tatlo. **16** At ang mga anak ni Gad; si Zifion, at si Hagi, si Suni at si Ezbon, si Eri, at si Arodi at si Areli. **17** At ang mga anak ni Aser; si Imna, at si Isva, at si Isvi, at si Beria, at si Sera na kanilang kapatid na babaye: at ang mga anak ni Beria; si Heber at si Malkiel. **18** Ito ang mga anak ni Zilpa, na siyang ibinigay ni Laban kay Lea na kaniyang anak na babaye, at ang mga ito ay kaniyang ipinanganak kay Jakob, labing anim na katawo. **19** Ang mga anak ni Rachel na asawa ni Jakob; si Jose at si Benjamin. **20** At kay Jose sa lupain ng Egipto ay ipinanganak si Manases at si Efraim, na ipinanganak ni Asenat sa kaniya na anak ni Potifera na sacerdote sa On. **21** At ang mga anak ni Benjamin; si Bela at si Beker, at si Asbel, si Gera at si Naaman, si Ehi, at si Ros, si Mupim, at si Hupim at si Ard. **22** Ito ang mga anak ni Rachel na ipinanganak kay Jakob: ang lahat ay labing apat. **23** At ang mga anak ni Dan; si Husim. **24** At ang mga anak ni Neftali; si Jahzeel, at si Guni, at si Jezer, at si Silem. **25** Ito ang mga anak ni Bilha, na siyang ibinigay ni Laban kay Rachel na kaniyang anak, at ang mga ito ang ipinanganak niya kay Jakob: ang lahat ng katawo ay pito. **26** Ang lahat na tawo na sumama kay Jakob sa Egipto, na nagsilabas sa kaniyang mga balakang, bukod pa ang mga asawa ng mga anak ni Jakob, ang lahat na katawo ay anim na puo't anim; **27** at ang mga anak ni Jose na ipinanganak sa kaniya sa Egipto, ay dalawang katawo: ang lahat na katawo sa bahay ni Jakob, na nangaling sa Egipto, ay pitong puo.

**28** At kaniyang sinugo si Juda sa unahan niya kay Jose, upang magturo ng daan sa unahan niya na patungo sa Gozen; at sila'y napasa lupain ng Gozen. **29** At pinagmadali ni Jose ang kaniyang karro, at sumampang sinalubong si Israel na kaniyang ama sa Gozen; at siya'y humarap sa kaniya, at yunakap sa kaniyang leeg, at umiyak sa kaniyang leeg na malaon. **30** At sinabi ni Israel kay Jose: Ngayo'y mamatay na ako yamang nakita ko ang iyong mukha, na ikaw ay buhay

pa. **31** At sinabi ni Jose sa kaniyang mga kapatid, at kasambahay ng kaniyang ama: Ako'y sasampa, at aking sasaysayin kay Faraon, at aking sasabihin sa kaniya: Ang aking mga kapatid, at ang bahay ng aking ama, na nangasa lupain ng Kanaan, ay naparito, sa akin; **32** at ang mga lalaki ay mga pastor, sapagka't sila'y naging mamamahala ng hayop; at kanilang dinala ang kanilang mga kawan, at ang kanilang mga bakahan, at ang lahat nilang tinatankilik. **33** At mangyayaring, pagka tatawagin kayo ni Faraon, at sasabihing: ¿Ano ang inyong hanap-buhay? na inyong sasabihing: Ang inyong mga alipin ay naging tagapag-alaga ng kawan mula sa aming pagkabata hangang ngayon, kami at ang aming mga magulang: upang kayo'y matira sa lupain ng Gozen; sapagka't bawa't pastor ay kasuklamsuklam sa mga taga Egipto.

**47** Ng magkagayo'y naparoon si Jose at isinaysay kay Faraon, at sinabing: Ang aking ama, at ang aking mga kapatid, at ang kanilang mga kawan, at ang kanilang mga bakahan, at ang lahat nilang tinatankilik, dumating na mula sa lupain ng Kanaan; at narito, sila'y nasa lupain ng Gozen. **2** At sa mga kaniyang kapatid ay kumuha siya ng limang lalaki, at mga iniharap niya kay Faraon. **3** At sinabi ni Faraon sa kaniyang mga kapatid: ¿Ano ang inyong hanap-buhay? At kanilang sinabi kay Faraon: Ang inyong mga alipin ay mga pastor, kami at gayon din ang aming mga magulang. **4** At kanilang sinabi kay Faraon: Upang mangibang bayan ay naparito kami; sapagka't walang masabsab ang mga kawan ng inyong mga alipin; dahil sa ang kagutom ay mahigpit sa lupain ng Kanaan; ngayon nga, isinasamo namin sa iyo, na pahintulutan mo na ang inyong mga alipin ay tumalan sa lupain ng Gozen. **5** At sinalita ni Faraon kay Jose, na sinabing: Ang inyong ama at ang inyong mga kapatid ay naparito sa iyo: **6** ang lupain ng Egipto ay nasa harap mo; sa pinakamabuti sa lupain ay patirahin mo ang inyong ama at ang inyong mga kapatid; sa lupain ng Gozen patirahin mo sila; at kung may bakikila kang bilasang mga lalaki sa kanila, ay papagpumuin mo nga sa aking hayop. **7** At dinala ni Jose si Jakob na kaniyang ama, at itinayo niya siya sa harap ni Faraon: at binasbasan ni Jakob si Faraon. **8** At sinabi ni Faraon kay Jakob: Ilan ang mga

araw ng mga taon ng inyong buhay? **9** At sinabi ni Jakob kay Faraon: Ang mga araw ng mga taon ng aking panginibang lupa ay isang daan at tatlong puong taon: kaonti at masasama ang mga naging araw ng mga taon ng aking buhay, at hindi umabot sa mga araw ng mga taon ng buhay ng aking mga magulang sa mga araw ng kanilang panginibang lupa. **10** At binasbasan ni Jakob si Faraon at umalis sa harap ni Faraon. **11** At itinag ni Jose ang kaniyang ama, at ang kaniyang mga kapatid, at sila'y binigyan ng pag-aari sa lupain ng Egipto, sa pinakamabuti sa lupain, sa lupain ng Rameses, gaya ng inutos ni Faraon, **12** At pinakakin ni Jose ang kaniyang ama, at ang kaniyang mga kapatid, at ang boong kasambahay ng kaniyang ama, ng tinapay, ayon sa kanilang kasambahay.

**13** At walang tinapay sa boong lupain, sapagka't ang kagutom ay tatoong malala, na ano pa't ang lupain ng Egipto, at ang lupain ng Kanaan ay nanlulupaypay dahil sa kagutom. **14** At tinipon ni Jose ang boong salapi na nasumpungan sa lupain ng Egipto, at sa lupain ng Kanaan, dahil sa trigong kanilang binibili: at ipinasok ni Jose ang salapi sa buhay ni Faraon. **15** At ng ang salapi ay maubos ng lahat sa lupain ng Egipto, at sa lupain ng Kanaan, lahat ng mga taga Egipto ay naparoon kay Jose, at nagsabing: Bigyan mo kami ng tinapay: ¿sapagka't bakit kami mamamatay sa inyong harap? dahil sa ang aming salapi ay naubos. **16** At sinabi ni Jose: Ibigay ninyo ang inyong mga hayop; at bibigyan ko kayo dahil sa inyong mga hayop, kung naubos na ang salapi. **17** At kanilang dinala ang kanilang mga hayop kay Jose: at binigyan sila ni Jose ng tinapay na pinakapalit sa mga kabayo, at sa mga kawan, at sa mga bakahan, at sa mga asno: at kaniyang pinakain sila ng tinapay na pinakapalit sa kanilang lahat na hayop sa taong yaon. **18** At ng ang taong yaon ay matapos, sila'y naparoon sa kaniya ng ikalawang taon, at kanilang sinabi sa kaniyang: Hindi namin ililihim sa aming panginoon, na kung paanong ang aming salapi ay naubos; at ang mga kawan ng hayop ay sa aking panginoon; wala ng naiwan sa pangin ng aking panginoon kungdi ang aming katawan at aming mga lupa: **19** ¿bakit kami mamamatay sa harap ng inyong mga mata, kami at ang aming

lupa? bilhin mo kami at ang aming lupa ng tinapay, at kami at ang aming lupa ay paaalipin kay Faraon: at bigyan mo kami ng binhi, upang kami ay mabuhay, at huag mamatay, at ang lupa ay huag masira. **20** Sa ganito'y binili ni Jose ang boong lupain ng Egipto para kay Faraon; sapagka't ipinagbili ng bawa't isa sa mga taga Egipto ang kaniyang bukid, dahil sa ang gutom ay totoong mahigpit sa kanila: at ang lupain ay naging kay Faraon. **21** At tungkol sa bayan ay kanilang ibinago sila sa mga ciudad mula sa isang katapusan ng hanganan ng Egipto hangang sa kabilang hanganan. **22** Ang lupa lamang ng mga sacerdote ang hindi niya nabili: sapagka't ang mga sacerdote'y may bahagi kay Faraon, at kanilang kinakain ang kanilang bahagi na ibinibigay sa kanila ni Faraon; kaya hindi nila ipinagbili ang kanilang lupa. **23** Ng magkagayo'y sinabi ni Jose sa bayan: Narito, aking binili kayo ng araw na ito, at ang inyong lupa'y para kay Faraon: narito ang ipangbibinhi ninyo, at inyong hahasikan ang lupa. **24** At mangyayaring sa pag-aani, ay inyong ibibigay ang ikalimang bahagi kay Faraon, at ang apat na bahagi ay sa inyo, sa binhi ng bukid at sa inyong pagkain, at sa inyong mga kasambahay, at pinakapagkain sa inyong mga bata; **25** At kanilang sinabing: Iyong iniligtas ang aming mga buhay: makasumpong kami ng biyaya sa paningin ng aking panginoo, at kami ay magiging mga alipin ni Faraon. **26** At ginawang palatuntunan ni Jose tungkol sa lupain ng Egipto sa araw na ito, na mapapasa kay Faraon ang ikalimang bahagi, liban lamang ang lupa ng mga sacerdote na hindi naging kay Faraon. **27** At si Israel ay tumahan sa lupain ng Egipto, sa lupain ng Gozen; at sila'y nagkaroon ng mga pag-aari doon, at pawang sagana at totoong dumami.

**28** At si Jakob ay tumira sa lupain ng Egipto na labing pitong taon; kaya't ang mga araw ni Jakob, ang mga taon ng kaniyang buhay, ay isang daan at apat na puo't pitong taon. **29** At ang panahon ay lumalapat na ikamamatay ni Israel: at kaniyang tinawag ang kaniyang anak na si Jose, at sinabi niya sa kaniyang: Kung ngayo'y nakasumpong ako ng biyaya sa iyong paningin, ilagay mo, isinasamo ko sa iyo, ang iyong kamay sa ilalim ng aking hita. at gamitan mo ako ng kaa-

waan at katotohanan; isinasamo ko sa iyong huag mo akong ilibing sa Egipto: **30** kungdi pagtulog kong kasama ng aking mga magulang, dadalhin mo ako mula sa Egipto, at ililibing mo ako sa kanilang libingan. At kaniyang sinabing: Aking gagawin ang gaya ng iyong sabi. **31** At kaniyang sinabing: Sampahin mo ako: at sinampa niya siya. At bumaluktot si Israel sa ulunan ng hihigan.

**48** At nangyari, pagkatapos ng mga bagay na ito, na sinabi ng isa kay Jose: Narito, ang iyong ama ay may sakit: at kaniyang ipinagsama ang kaniyang dalawang anak, si Manases at si Efraim. **2** At may nagbalita kay Jakob, at nagsabing: Pinaparituhan ka ng anak mong si Jose: at si Israel ay lumakas at umupo sa hihigan. **3** At sinabi ni Jakob kay Jose: Ang Dios na Makapangyarihan-sa-lahat ay napakita sa akin sa Luz sa lupain ng Kanaan. at pinagpala ako, **4** at sinabi sa aking: Narito, palalaguin kita, at pararamihin kita, at gagawin kitang isang kapisanan ng mga bayan; at aking ibibigay ang lupaing ito sa iyong binhi pagkamatay mo, na pinakaari magpakailan man. **5** At ngayo'y ang iyong dalawang anak na ipinanganak sa iyo sa lupain ng Egipto bago ako napanito sa iyo sa Egipto, ay akin; si Efraim at si Manases, gaya ni Ruben at ni Simeon ay magiging akin. **6** At ang iyong mga anak, na iyong mga naging anak pagkatapos nila, magiging iyo; sila'y tatawagin ayon sa pangalan ng kanilang mga kapatid sa kanilang mana. **7** At tungkol sa akin, ng ako'y dumating sa Padan, si Raket ay namatay sa akin sa lupain ng Kanaan, sa daan, ng kulang pa ng kaonti upang dumating sa Efrata: at aking inilibing siya doon sa daan ng Efrata (na siya ring Betlehem). **8** At nakita ni Israel ang mga anak ni Jose, at sinabing: ?Sino sino ito? **9** At sinabi ni Jose sa kaniyang ama: Sila'y aking mga anak, na siyang mga ibinigay ng Dios sa akin dito. At kaniyang sinabing: Isinasamo ko sa iyo, na iyong dalhin sila rito, at sila'y aking babasbasan. **10** Ang mga mata nga ni Israel ay malabo na dahil sa katandaan. na ano pa't hindi na siya makakita. At kaniyang inilapit sila sa kaniya, at kaniyang hinagkan sila, at niyakap sila. **11** At sinabi ni Israel, kay Jose: Hindi ko akalaging makita ang iyong mukha; at, narito, ipinakit sa akin ng Dios pati ng iyong binhi. **12** At mga kinuha ni Jose sa pag-itan ng

kaniyang mga tuhod; at sila'y nagpatirapa sa lupa. **13** At kinuha ni Jose kapua, si Efraim sa kaniyang kanang kamay, sa dakong kaliwang kamay ni Israel, at si Manases sa kaniyang kaliwang kamay, sa dakong kanang kamay ni Israel, at mga inilapit niya sa kaniya. **14** At inimat ni Israel ang kaniyang kanang kamay, at ipinatong sa ulo ni Efraim, na siyang bunso, at ang kaniyang kaliwang kamay ay sa ulo ni Manases, na pinapatnubayang sadya ang kaniyang mga kamay; sapagka't si Manases ang panganaay. **15** At kaniyang binasbasan si Jose, at sinabing: Ang Dios na sa harap niya ay lumakad ang aking mga magulang na si Abraham at si Isaak, ang Dios na nagpakain sa akin sa boong buhay ko hanggang sa araw na ito, **16** ang angel na tunubos sa akin sa boong kasaman, pagpalain niya ang mga batang ito; at taguagin sila sa aking pangalan, at sa pangalan ng aking mga magulang na si Abraham at si Isaak; at magsidami silang totoo sa gitna ng lupa. **17** At ng makita ni Jose na ipinatong ng kaniyang ama ang kaniyang kanang kamay sa ulo ni Efraim, minasama niya: at itinaas niya ang kamay ng kaniyang ama, upang ilipat sa ulo ni Manases mula sa ulo ni Efraim. **18** At sinabi ni Jose sa kaniyang ama: Hindi ganiyan ama ko: sapagka't ito ang panganay; ipatong mo ang iyong kanang kamay sa kaniyang ulo. **19** At tumangi ang kaniyang ama, at sinabing: Talastas ko, talastas ko: siya man ay magiging isang bayan, at siya man ay magiging malaki: gayon ma'y ang kaniyang kapatid na bata ay magiging lalong malaki kay sa kaniya, at ang kaniyang binhi ay magiging isang karamihan ng mga nacion. **20** At kaniyang binasbasan sila ng araw na yaon, na sinabing: Sa iyo'y babasbasan ng Israel, na sasabibing: Gawin ka ng Dios na gaya ni Efraim at gaya ni Manases: at kaniyang ipinagpauna si Efraim bago si Manases. **21** At sinabi ni Israel kay Jose: Narito, ako'y namamatay; nguni't ang Dios ay sasainyo, at dadalhin kayo uli sa lupain ng inyong mga magulang. **22** Bukod dito'y binigyan kita ng isang bahaging higit kay sa iyong mga kapatid, na aking kinuha ng aking tabak at ng aking bosog sa kamay ng Amorreo.

**49** At tinawag ni Jakob ang kaniyang mga anak, at sinabing: Magpipisan kayo, upang maisaysay ko sa inyo

ang mangyayari sa inyo sa mga huling araw.

**2** Magpipisan kayo at inyong dingin, mga anak ni Jakob;

At inyong dingin si Israel na inyong ama.

**3** Ruben, ikaw ang aking panganay, ang aking kapangyarihan, at ang pasimula ng aking kalakasan;

Ang karilagan ng kamahalan, at ang karilagan ng kapangyarihan.

**4** Walang pananatili na parang tubig, hindi ka magkakaroon ng karilagan;

Sapagka't sumampa ka sa hiligan ng iyong ama:

Hinawakan mo nga: sumampa sa aking hiligan.

**5** Si Simeon at si Levi ay magkapatid; Mga sakbat na marahas ang kanilang mga tabak.

**6** Oh kalulua ko, huag kang pumasok sa kanilang payo;

Sa kanilang kapisanan, aking kalualhatian, huag kang makipisan;

Sapagka't sa kanilang galit ay pumatay ng tawo;

At sa kanilang kusa ay pumutol ng hita ng baka.

**7** Sumpain ang kanilang kagalitan, sapagka't mabangis;

At ang kanilang pag-iinit, sapagka't mabagsik:

Aking babahagihin sila sa Jakob, At aking pangangalatin sila sa Israel.

**8** Juda, ikaw ay pupurihin ng iyong mga kapatid:

Ang iyong kamay ay magpapahinga sa leeg ng iyong mga kaaway;

Ang mga anak ng iyong ama ay yuyukod sa harap mo.

**9** Si Juda'y isang anak ng leon;

Mula sa panghuhuli anak ko, nagtingdig ka:

Siya'y yumuko, siya'y lumugmok na parang leon,

At sa paraang isang leong babaye; ¿sinong gigising sa kaniya?

**10** Ang cetro'y hindi hihiwalay kay Juda,

O ang tungkod man ng pagkapuno sa pag-itan ng kaniyang mga paa,

Hangang sa ang Shiloh ay dumating; At sa kaniya susunod ang mga nacion.

**11** Na itatali ang kaniyang pollino sa puno ng uvas,

At ang guya ng kaniyang asno ay sa puno ng uvas na pili;

- Kaniyang lalabhan ang kaniyang suot sa alak,  
At ang kaniyang damit ay sa dugo ng uvas:
- 12 Ang kaniyang mga mata ay mamumula sa alak,  
At ang kaniyang mga ngipin ay mamumuti sa gatas.
- 13 Si Zabulon ay tatahan sa doongang ng dagat:  
At siya'y magiging doongan ng mga sasakyan;  
At ang kaniyang hanganan ay magiging hangang Sidon.
- 14 Si Isakar ay isang malakas na amo.  
Na lumulugmok sa gitna ng mga tupa-han:
- 15 At kaniyang nakita ang lugar na pahingahan na mabuti,  
At ang lupa na kaayaaya;  
At kaniyang iniyukod ang kaniyang balikat upang pumasan,  
At naging aliping mang-aatag.
- 16 Si Dan ay hahatol sa kaniyang bayan,  
Gaya ng sino man sa angkan ni Israel.
- 17 Si Dan ay magiging ahas sa daan,  
At ulupong sa landas,  
Na kumakagat ng mga sakong ng mga kabayo,  
Na ano pa't ang kaniyang sakay ay malalaglag sa likuran.
- 18 Aking hinintay ang iyong pagliligtas,  
Oh PANGINOON.
- 19 Si Gad, siya'y hahabulin ng isang kawalan:  
Nguni't kaniyang hahabulin ang nasa kaniyang likuran.
- 20 Kay Aser ang tinapay niya'y magiging masarap,  
At siya'y mag-aalay ng ukol sa isang hari.
- 21 Si Neftali ay isang usang babayeng kawala:  
Siya'y mangungusap ng maririkit na salita.
- 22 Si Jose ay sangang mabungga,  
Sangang mabungga na nasa tabi ng isang bukal;  
Ang kaniyang mga sangay gumagapang sa pader.
- 23 Ang mga manbobosog ay nagpapanlaw sa kaniya,  
At pinana siya, at hinabol siya:
- 24 Nguni't ang kaniyang bosog ay nahan sa kalakasan,  
At ang mga brazo ng kaniyang mga kamay ay nagsilabas,
- Sa pamamagitan ng mga kamay ng Makapangyarihan ni Jakob,  
(Na mula roon ang pastol, ang bato ng Israel),
- 25 Sa pamamagitan ng Dios ng iyong ama, na siyang tutulong sa iyo,  
At sa pamamagitan ng Makapangyarihan-sa-lahat, na siyang magpapala sa iyo,  
Ng pagpapala ng langit sa itaas,  
Pagpapala ng mga kalaliman na nalalagay sa ibaba,  
Pagpapala ng mga dibdib at ng tiyan.
- 26 Ang mga pagpapala ng iyong ama na humihigit sa pagpapala ng aking mga kanunuan.  
Hangang sa wakas ng mga burol na walang hangan:  
Mangalalagay sa ulo ni Jose,  
At sa tuktok ng ulo niya na hiwalay sa kaniyang mga kapatid.
- 27 Si Benjamin ay isang lobo na mang-aagaw:  
Sa umaga ay kaniyang kakanin ang huli.  
At sa kinahapunan ay kaniyang baba-hagihin ang samsam.
- 28 Ang lahat ng ito'y labing dalawang angkan ng Israel: at ito ang sinalita ng kanilang ama sa kanila, at sila'y binasbasan; bawa't isa'y binasbasan ng ayon sa kaniyang basbas. 29 At kaniyang ipinagbilin sa kanila, at sinabi sa kanilang: Ako'y malalaki sa aking bayan: ilibing ninyo ako sa kasamahan ng aking mga magulang sa yungib na nasa parang ni Efron na Heteo, 30 sa yungib na nasa parang ng Makpela, na nasa tapat ng Mamre, sa lupain ng Kanaan, na binili ni Abraham, na kalakip ng parang kay Efron na Heteo, na pinakaaring libingan: 31 doon nila inilibing si Abraham at si Sarang kaniyang asawa; doon nila inilibing si Isak at si Rebekang kaniyang asawa; at doon ko inilibing si Lea: 32 ang parang at ang yungib na nandoon na binili ng mga anak ni Het. 33 At ng matapos si Jacob na makapagbilin sa kaniyang mga anak, kaniyang ibinaluktot ang kaniyang mga paa sa hiligan, at nalagot ang hininga, at nalakip sa kaniyang bayan.
- 50** At yumakap si Jose sa mukha ng kaniyang ama, at umiyak sa ibabaw niya, at hinalikan niya siya. 2 At iniutos ni Jose sa kaniyang mga aliping mga mangagamot, na embalsamahin ang kaniyang ama: at inimbalsama ng mga

mangagamot si Israel. **3** At apat na puong araw ang ginanap sa kaniya; sapagka't gayon ginaganap ang mga araw ng pag-embalsama: at iniyakan siya ng mga taga Egipto ng pitong puong araw.

**4** At ng ang mga araw ng pag-iyak sa kaniya ay makaraan, nag-alita si Jose sa bahay ni Faraon, na nagsabing: Kung ngayo'y nakasumpung ako ng biyaya sa inyong mga mata, salitain ninyo, isinasamo ko sa inyo, sa mga pakinig ni Faraon, na *inyong* sabihing: **5** Pinanumpa ako ng ama ko, na nagsabing: Narito, ako'y namamatay: sa libingan na aking hinukay sa akin sa lupain ng Kanaan, doon mo ako ililibing. Ngayon nga'y pahintulutan ninyo akong sumampa, isinasamo ko sa inyo, at aking ilibing ang aking ama, at babalik uli ako. **6** At sinabi ni Faraon: Sumampa ka, at ilibing mo ang iyong ama, ayon sa kaniyang ipinasumpa sa iyo. **7** At sumampa si Jose upang ilibing ang kaniyang ama: at kasama niyang sumampa ang lahat ng alipin ni Faraon, ang mga matanda sa kaniyang bahay, at ang lahat na matanda sa lupain ng Egipto; **8** at ang boong bahay ni Jose, at ang kaniyang mga kapatid, at ang bahay ng kaniyang ama: ang kanila lamang mga bata, at ang kanilang mga kawan, at ang kanilang mga bakahan, ang kanilang iniwan sa lupain ng Gozen. **9** At sumampang kasama niya ang mga karro at gayon din ang mga nangangabayo: at tootong malaking pulutong. **10** At sila'y dumating sa giikan ni Atad, na nasa dako pa roon ng Jordan, at doo'y nanaghoy sila ng malakas at kapaitpatang panaghoy: at kaniyang pinanangisan ang kaniyang ama na pitong araw. **11** At ng makita ng mga nananahan sa lupaing *yaon*, ng mga Kanane, ang panaghoy sa giikan ni Atad, kanilang sinabing: Ito'y isang kahambalhambal na panaghoy ng mga taga Egipto; kaya't ang pangalang itinawag ay Abel-mizraim, na nasa dako pa roon ng Jordan. **12** At ginawa sa kaniya, ng kaniyang mga anak ang ayon sa inutos sa kanila: **13** sapagka't dinala siya ng kaniyang mga anak sa lupain ng Kanaan, at inilibing siya sa yungib ng Makpela, na binili sampuo ng parang ni Abraham na pinakaaring libingan, kay Efron na Heteo, sa tapat ng Mamre.

**14** At bumalik si Jose sa Egipto, siya, at ang kaniyang mga kapatid, at ang

lahat na sumampang kasama niya upang ilibing ang kaniyang ama, pagkatapos na mailibing ang kaniyang ama. **15** At ng makita ng mga kapatid ni Jose, na ang kanilang ama'y namatay, kanilang sinabing: Marahil si Jose ay mapopoot sa atin, at lubos na gagantihin sa atin ang boong kasam-an na ating ginawa sa kaniya. **16** At sila'y nagsugo ng isang sugo kay Jose, na nagsabing: Inutos ng iyong ama bago namatay, na sinabing: **17** Ganito sasabihin ninyo kay Jose: Patawarin mo, isinasamo ko sa iyo ngayon, ang pagsalangsang ng iyong mga kapatid, at ang kanilang kasalanan; sapagka't ginawan ka nila ng kasam-an: at, ngayon, aming isinasamo sa iyo, ipatawad mo ang mga pagsalangsang ng mga alipin ng Dios ng iyong ama. At si Jose ay umiyak ng kanilang salitain sa kaniya. **18** At naparoon ang kaniyang mga kapatid naman at nagpatirapa sa harap ng kaniyang mukha; at kanilang sinabing: Narito, kaming iyong mga alipin. **19** At sinabi ni Jose sa kanilang: Huag kayong matakot: sapagka't nasa lugar ba ako ng Dios? **20** At tungkol sa inyo ay inyong ipinalagay na kasam-an laban sa akin; nguni't ipinalagay ng Dios na kabutihan upang magyari ang gaya sa araw na ito, na iligtas ang buhay ng maraning tawo. **21** Kaya nga huag kayong matakot: aking pakakanin kayo at ang inyong mga bata. At kaniyang inaliw sila at kaniyang pinagsalitaan sila na may kagandahang loob.

**22** At si Jose ay tumahan sa Egipto, siya at ang bahay ng kaniyang ama: at si Jose ay nabuhay na isang daan at sampuon taon. **23** At nakita ni Jose ang mga anak ni Efraim hangang sa ikatlong lahi; ang mga anak man ni Makir anak ni Manases ay ipinanganak sa mga tuhod ni Jose. **24** At sirabi ni Jose sa kaniyang mga kapatid: Ako'y namamatay: nguni't tunay na dadalawin kayo ng Dios, isasampa kayo mula sa lupaing ito hangang sa lupain na kaniyang isinumpa kay Abraham, kay Isaac, at kay Jakob. **25** At ipinanumpa ni Jose sa mga anak ni Israel, na sinabing: Tunay na dadalawin kayo ng Dios, at inyong isasampa ang aking mga buto mula rito. **26** Gayon namatay si Jose na may isang daan at sampuon taon: at kanilang inimbalsama siya, at siya'y inilagay sa isang kabaong sa Egipto.

## LIBRO NĠ EXODO.

**1** Ito nga ang mga pangalan ng mga anak ng Israel, na nagsipasok sa Egipto: baw't lalaki at kaniyang kasambahay ay naparoon na kasama ni Jakob. **2** Si Ruben, si Simeon, si Levi, at si Juda; **3** si Isakar, si Zabulon at si Benjamin; **4** si Dan at si Neftali, si Gad at si Aser. **5** At lahat ng tawo na lumabas sa bala-kang ni Jakob ay pitong puong tawo: at si Jose ay nasa Egipto na. **6** At namatay si Jose, at ang lahat niyang kapatid at ang boong lahing yaon. **7** At ang mga anak ng Israel ay naging malago, at kumapal na sagana, at dumami, at naging totoong makapangyarihan; at ang lupa ay napuno nila.

**8** At tumindig nga ang isang bagong hari sa Egipto, na hindi nakikilala si Jose. **9** At nagsabi sa kaniyang bayan: Narito, ang bayan ng mga anak ng Israel ay higit at lalong malakas kay sa atin: **10** tayo na, tayo'y magpakadunong sa kanila; baka sila'y dumami, at mangyari, na, pagkakaroon ng pagbabaka, sila namay makisanib sa ating mga kaaway, at bumaka sa atin, at magsilaya sa lupain. **11** Naglagay nga sila ng mga taga-pagpaatag, upang dalamhatiin sila sa kani-lang mga pasan. At kanilang ipinagtayo si Faraon ng mga ciudad na kamaligan, Pitom at Raamses. **12** Datapua't habang kanilang pinagdadalamhati sila, lalong dumadami at lalong kumakapal. At sila'y napopoot dahil sa mga anak ng Israel. **13** At pinapaglingkod na may kabagsikan ang mga anak ng Israel ng mga taga Egipto: **14** at kanilang pina-pamuhay ng masaklap sa pamamag-itan ng masaklap na paglilingkod, sa arga-masa at sa ladrillo, at sa lahat ng sarisaring paglilingkod sa bukid, at sa lahat ng paglilingkod nila na ipinaglilingkod sa kanila, may kabagsikan.

**15** At ang hari sa Egipto ay nagsalita sa mga hilot na Hebraea, na ang pangalan ng isa ay Sifra, at ang pangalan ng isa ay Pua: **16** at kaniyang sinabing: Paghilot ninyo sa mga babayeng Hebraea, at pagtingin ninyo sa kanila sa lugar ng panganganakan; kung

lalaki papatayin nga ninyon; datapua't kung babaye, ay mabuhay nga siya. **17** Datapua't ang mga hilot ay nangatakot sa Dios at hindi ginawa ang gaya ng iniutos sa kanila ng hari sa Egipto, kungdi iniligtas na buhay ang mga batang lalaki. **18** At ipinatawag ng hari sa Egipto ang mga hilot, at sinabi sa kani-lang: **19** Bakit ninyo ginawa ang bagay na ito, na inyong iniligtas na buhay ang mga batang lalaki? **19** At nagsisagot ang mga hilot kay Faraon: sapagka't ang mga babayeng Hebraea ay hindi gaya ng mga babayeng taga Egipto: sapagka't sila'y maliliksi, at nakapanganak na, bago dumating ang hilot sa kanila. **20** At ang Dios ay gumawa ng mabuti sa mga hilot: at ang bayan ay dumami, at naging totoong makapangyarihan. **21** At nangyari, sapagka't, ang mga hilot ay natakot sa Dios, sila'y iginawa niya ng mga bahay. **22** At iniutos ni Faraon sa kaniyang boong bayan, na sinabing: Itapon ninyo sa ilog baw't lalaki na ipanganak, at baw't babaye iligtas ninyong buhay.

**2** At isang lalaki sa bahay ni Levi ay yumaon, at nag-asawa sa isang anak ni Levi. **2** At ang babaye ay naglihi, at nanganak ng isang lalaki: at ng kaniyang makita na maganda, kaniyang itinagong tatlong buan. **3** At ng hindi na niya maitatagong malaon ay ikinuha niya ng isang kabang yantok, at pinahiran niya ng betun at ng sahing; at kaniyang isinilid ang bata roon, at inilagay sa katalahiban sa tabi ng ilog. **4** At tumayo sa malayo ang kaniyang kapatid na babaye, upang malaman ang mangyari sa bata. **5** At ang anak na babaye ni Faraon ay lumusong, upang maligo sa ilog; at nagsisipaglakad ang kaniyang mga dalaga sa tabi ng ilog; kaniyang nakita ang kaban sa katalahiban, at nagsugo ng isa niyang aliping babaye upang kunin. **6** At ng kaniyang buksan, nakita niya ang bata: at narito, ang sangol ay umiyyak. At siya'y naawa sa kaniya, at sinabing: Ito'y isa sa mga anak ng Hebreo. **7** Ng magkaga-yo'y sinabi ng kaniyang kapatid na babaye sa anak ni Faraon: **8** Yayaon ba ako upang itawag kita ng isang siyona sa mga baba-

yeng Hebreá, na mag-aalaga sa iyo ng batang ito? **8** At ang anak ni Faraon ay sumagot: Yumaon ka. At ang dalaga ay yumaon, at tinawag ang ina ng bata. **9** At ang anak ni Faraoy nagsabi sa kaniya: Dalhin mo ang batang ito, at alagaan mo sa akin, at bibigyan kita ng iyong kaupahan. At kinuha ng babaye ang bata, at inalagaan. **10** At ang bata ay lumaki, at kaniyang dinala sa anak ni Faraon, at siya'y kaniyang naging anak. At kaniyang nginalananang Moises, na sinabing: Sapagka't aking sinagip siya sa tubig. **11** At nangyari ng mga araw na yaon, ng si Moises ay malaki na, kaniyang nilabas ang kaniyang mga kapatid, at namasdan ang kanilang mga pasan: at kaniyang nakita ang isang taga Egipto, na sinusugatan ang isang Hebreo, na isa sa kaniyang mga kapatid. **12** At siya'y nagmasid sa magkabitabilang dako, at ng siya'y walang makitang tawo, kaniyang sinugatan ang taga Egipto, at kaniyang itinago sa buhanginan. **13** At siya'y lumabas sa ikalawang araw, at narito, ang dalawang lalaking Hebreo ay nagbababag: at kaniyang sinabi doon sa unaapi: ¿Bakit mo sinusugatan ang iyong kasama? **14** At siya'y sumagot: ¿Sinong naglagay sa iyo ng pang-ulo at hukom sa amin? ¿Iniisip mo bang patayin ako, gaya ng pagpatay mo sa taga Egipto? Sa gayo'y natakot si Moises, at nagsabing: ¡Tunay na ang bagay na ito'y nahayag! **15** Ng mabalitaan nga ni Faraon ang bagay na ito, iniisip niyang patayin si Moises. Datapua't si Moises ay tumakas sa harapan ni Faraon, at tumaban sa lupain ng Madian, at siya'y umupo sa bati ng isang balon. **16** Ang sacerdote nga sa Madian ay may pitong anak na babaye: at sila'y naparoon at umigib ng tubig, at kanilang pinuno ang mga inuman upang painomin ang kawan ng kanilang ama. **17** At ang mga pastor ay dumating at sila'y pinalayas: datapua't si Moises ay tumayo, at sila'y tinulungan, at pinainom ang kanilang kawan. **18** At ng sila'y dumating kay Reuel na kanilang ama, ito'y nagsabi: ¿Bakit kayo'y dumating na madali ngayon? **19** At kanilang sinabing: Isang taga Egipto ay ipinagsangalang kami sa kamay ng mga pastor, at bukod dito'y kaniyang inaigib pa kami ng tubig, at pinainom ang kawan. **20** At kaniyang sinabi sa kaniyang mga anak: ¿At saan nandoon siya? ¿Bakit ninyo iniwan ang lalaking yaon? tawagin ninyo siya upang makakain ng

tinapang. **21** At si Moises ay natua na tumahang kasama ng lalaki, at kaniyang ibinigay na asawa kay Moises si Zipora na kaniyang anak. **22** At nanganak ng isang lalaki, at kaniyang nginalanan ng Gersom; sapagka't kaniyang sinabing, ako'y naging mangingibang-bayan sa ibang lupain.

**23** At nangyari sa loob ng mga araw na yaon, na, ang hari sa Egipto ay namatay: at ang mga anak ng Israel ay nagbuntong-hininga dahil sa pagkaalipin, at sila'y humiyaw, at ang kanilang hiyaw ay umabot sa Dios dahil sa pagkaalipin. **24** At narinig ng Dios ang kanilang hibik, at naalaala ng Dios ang kaniyang tipan kay Abraham, kay Isaak, at kay Jakob. **25** At tiningnan ng Dios ang mga anak ng Israel; at sila'y kinilala ng Dios.

**3** Pinasabsab nga ni Moises ang kawan ni Jetro na kaniyang biano, sacerdote sa Madian: at kaniyang pinatnubayan ang kawan sa labas ng ilang, at napasa bundok ng Dios, sa Horeb. **2** At ang angel ng PANGINOON ay napakita sa kaniya, sa isang pingas ng apoy sa gitna ng isang mababang puno ng kahoy; at siya'y nagmasid, at, narito, ang kahoy ay nagniningas ng apoy, at ang kahoy ay hindi nasusupok. **3** At si Moises ay nagsabing: Ako'y biliko ngayon, at titingnan ko itong dakilang panoorin, kung bakit ang kahoy ay hindi nasusupok.

**4** At ng makita ng PANGINOON na siya'y lumiliko upang tingnan, siya'y tinawag ng Dios mula sa gitna ng kahoy, at sinabing: ¡Moises! ¡Moises! At siya'y sumagot: Narito ako. **5** At sinabing: Huag kang lumapit dito: hubarin mo ang iyong panyapak sa iyong mga paa, sapagka't ang lugar na iyong kinatatayuan, ay santong lupa. **6** Buked dito'y sinabi: Ako ang Dios ng iyong ama, ang Dios ni Abraham, ang Dios ni Isaak, at ang Dios ni Jakob. At si Moises nga ay nagtakip ng kaniyang mukha; sapagka't siya'y natakot na tumingin sa Dios. **7** At ang PANGINOON ay nagsabi: Aking nakitang tunay ang kadalambhatian ng aking bayan na nasa Egipto, at aking dininig ang kanilang hiyaw dahil sa mga taga-pagpaatag sa kanila; sapagka't talastas ko ang kanilang kapanalawan; **8** at ako'y bumaba upang iligtas sila sa kamay ng mga taga Egipto, at upang sila'y isampa sa isang lupaing mabuti at malawak, mula sa lupaing yaon, sa isang lupaing binubukalan ng



gatas at pulot; sa lugar ng Kananeo, at ng Heteo, at ng Amorreo, at ng Perezeo, at ng Hebeo, at ng Jebuseo. 9 At ngayon, narito, ang hiyaw ng mga anak ng Israel ay umabot sa akin; bukod dito'y aking nakita ang kapighatian na ipinighati sa kanila ng mga taga Egipto. 10 Halika nga ngayon, at ikaw ay aking susuguin kay Faraon, upang iyong ilabas ang aking bayan na mga anak ng Israel sa Egipto. 11 At si Moises ay sumagot sa Dios: ¿Sino ako, upang pumaroon kay Faraon, at upang maglabas sa mga anak ng Israel sa Egipto? 12 At kaniyang sinabi: Tunay na ako'y sasa-iyong; at ito'y magiging tanda sa iyo, na ikaw ay aking sinugo: pagka iyong nailabas na ang bayan sa Egipto, kayo'y maglilingkod sa Dios sa bundok na ito. 13 At si Moises ay nagsabi sa Dios: Narito, pagdating ko sa mga anak ng Israel, at sasabihin ko sa kanila: Sinugo ako sa inyo ng Dios ng inyong mga magulang; at kung itatanong nila sa akin: ¿Ano ang kaniyang pangalan? 14 At sinabi ng Dios kay Moises: AKO YAONG AKO NGA: at kaniyang sinabi: Ganito ang sasabihin mo sa mga anak ng Israel: AKO NGA, sinugo ako niya sa inyo. 15 At sinabi pa ng Dios kay Moises: Ganito ang sasabihin mo sa mga anak ng Israel: Ang PANGINOON, ang Dios ng inyong mga magulang, ang Dios ni Abraham, ang Dios ni Isaak, at ang Dios ni Jakob ay sinugo ako sa inyo: ito ang aking pangalan magpakailan man, at ito ang aking pinakaalaala sa boong panahon ng inyong lahi. 16 Yumaon ka, at tipunin mo ang mga matanda sa Israel, at sabihin mo sa kanila: Ang PANGINOON, ang Dios ng inyong mga magulang, ang Dios ni Abraham, ni Isaak, at ni Jakob, ay napakita sa akin, na nagsabing: Tunay na kayo'y aking dinalaw, at aking nakita ang ginagawa sa inyo sa Egipto: 17 at akin sinabing, aking aalisin kayo sa kapighatian sa Egipto at dadalhin ko kayo sa lupain ng Kananeo, at ng Heteo, at ng Amorreo, at ng Perezeo, at ng Heveo, at ng Jebuseo, sa isang lupang binubukalan ng gatas at pulot. 18 At kanilang didingin ang iyong voces: at ikaw ay paroroon, ikaw at ang mga matanda sa Israel, sa hari sa Egipto, at inyong sasabihin sa kaniya: Ang PANGINOON, ang Dios ng mga Hebreo, ay nakipagsalubong sa amin: at ngayo'y pahintulutan mo kami na maglakbay, na tatlong araw sa ilang, upang kami ay makapaghayin sa PANGI-

NOONG aming Dios. 19 At talastas ko, na hindi kayo pababayaang yumaon ng hari sa Egipto, kung hindi sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay. 20 At aking iunat ang aking kamay, at susugatan ko ang Egipto ng aking boong kababalaghan na aking gagawin sa gitna noon: at pagkatapos niyaon ay pahihintulutan niya kayong yumaon. 21 At bibigyan ko ang bayang ito ng biyaya sa paningin ng mga taga Egipto; at mangyayari, na pagyaon ninyo, hindi kayo yayaong walang dala; 22 kungdi bawa't babaye ay hihingi sa kaniyang kapua, at sa tumatahan sa kaniyang bahay, ng mga hiyas na pilak, at mga hiyas na gintong, at mga damit: at iniyong mga isusuot sa inyong mga anak na lalaki at babaye; at inyong sasamsaman ang mga taga Egipto.

4 At si Moises ay sumagot at nagsabing: Datapua't narito, hindi nila paniniwalaan ako, o didingin man ang aking voces: sapagka't kanilang sasabihing: Ang PANGINOON ay hindi napakita sa iyo. 2 At ang PANGINOON ay nagsabi sa kaniyang: ¿Ano iyang nasa iyong kamay? At kaniyang sinabing: Isang tungkod. 3 At sinabi: Ihagis mo sa lupa. At kaniyang inihagis sa lupa, at naging isang ahas; at si Moises ay tumakas sa harap ng ahas. 4 At ang PANGINOON ay nagsabi kay Moises: Iunat mo ang iyong kamay, at sungaban mo sa buntot: (at kaniyang iniunat ang kaniyang kamay, at kaniyang hinawakan, at naging isang tungkod sa kaniyang kamay;) 5 upang sila'y maniwala, na ang PANGINOON, ang Dios ni Abraham, ang Dios ni Isaak, at ang Dios ni Jakob ay napakita sa iyo. 6 At ang PANGINOON ay nagsabi, bukod dito, sa kaniya: Ipasok mo ang iyong kamay sa iyong sinapupunan. At kaniyang ipinasok ang kaniyang kamay sa kaniyang sinapupunan: at ng kaniyang ilabas, narito, ang kaniyang kamay ay may lepra, na maputing parang nieve. 7 At sinabing: Ipasok mo ule ang iyong kamay sa iyong sinapupunan. At kaniyang ipinasok ule ang kamay niya sa kaniyang sinapupunan; at ng kaniyang ilabas sa kaniyang sinapupunan, narito, nagsauling gaya ng kaniyang dating laman. 8 At mangyayari, kung sila'y hindi maniniwala sa iyo, o makikinig man sa voces ng unang tanda, na kanilang paniniwalaan ang voces ng huling tanda. 9 At mangyayari, kung sila'y hindi maniniwala sa dalawang tandang ito, o hindi makikinig man sa iyong voces, na kukuha

ka ng tubig sa ilog, at iyong ibubuhos sa tuyong lupa: at ang tubig na iyong kinuha sa ilog ay magiging dugo sa tuyong lupa. **10** At si Moises ay nagsabi sa PANGINOON: ¡Oh PANGINOON, ako'y hindi nangungusap ng kaayaaya kahi't ng panahong nakaraan, kahi't mula ng magsalita ka sa iyong alipin: sapagka't ako'y kimi sa pangungusap at umid sa dila. **11** At ang PANGINOON'y nagsabi sa kaniya: ¿Sino ang gumawa ng bibig ng tawo? ¿o sino ang gumawa ng pipi, o bingí, o may paningín, o bulag? ¿hindi ba akong PANGINOON? **12** Ngayon nga'y yumaon ka, at ako'y sasa-iyong bibig, at ituturo ko sa iyo kung ano ang iyong asalitain. **13** At kaniyang sinabi: ¡Oh PANGINOON! magsugo ka, isinasamo ko sa iyo, sa pamamagitan ng kamay niyaong iyong susungin. **14** At ang galit ng PANGINOON ay nagningas laban kay Moises, at kaniyang sinabi: ¿Hindi ba si Aarong Levita ay kapatid mo? Nalalaman kong siya'y makapagsasalitang mabuti. At gayon din, narito, siya'y lumalabas upang salubungin ka: at pagkakita niya sa iyo, siya'y maliligaya sa kaniyang puso. **15** At ikaw ay magsasalita sa kaniya, at ilagay mo ang mga salita sa kaniyang bibig: at ako'y sasaiyong bibig at sasakaniyang bibig, at aking ituturo sa iyo, kung ano ang inyong gagawin. **16** At siya ang makikipag-usap sa lugar mo sa bayan: at mangyayari, na siya'y magiging sa iyo'y bibig, at ikaw ay magiging sa kaniya'y parang Dios. **17** At tatangnan mo sa iyong kamay ang tungkod na ite, na iyong ipag-gagawa ng mga tanda.

**18** At si Moises ay yumaon, at nagbalik kay Jetro na kaniyang bhanan, at nagsabi sa kaniya: Pahintulutan mo akong yumaon, isinasamo ko sa iyo, at magbalik sa aking mga kapatid na nasa Egipto, at titingnan ko, kung sila'y nabubuhay pa. At sinabi ni Jetro kay Moises: Yumaon kang payapa. **19** At ang PANGINOON ay nagsabi kay Moises sa Madian: Yumaon ka, magbalik ka sa Egipto; sapagka't namatay na ang lahat ng lalaki, na nagmimithi ng iyong buhay. **20** At dinala ni Moises ang kaniyang asawa at ang kaniyang mga anak, at kaniyang mga isinakay sa isang asno, at siya'y nagbalik sa lupain ng Egipto: at tinangnan ni Moises ang tungkod ng Dios sa kaniyang kamay. **21** At sinabi ng PANGINOON kay Moises: Pagkabalik mo sa Egipto, tingnan mo, na iyong gawin sa harap ni Faraon ang lahat

ng kagilagilalas na aking inilagay sa iyong kamay: datapua't aking patitigasin ang kaniyang puso, at hindi niya tutulutang ang bayan ay yumaon. **22** At iyong sabihin kay Faraon: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Ang Israel ay aking anak, aking panganay: **23** at aking sinabi sa iyo: Pahintulutan mong ang aking anak ay yumaon, upang siya'y maglingkod sa akin; at tumangi kang pahintulutan mo siyang yumaon: narito, aking papatayin ang iyong anak, ang iyong panganay. **24** At nangyari sa daan, sa lugar na panulayan, na sinalubong ng PANGINOON siya, at pinagsikapang patayin siya. **25** Ng magkagayon, sumungab si Zipora ng isang batang mutalim, at pinutol ang buhisi ng kaniyang anak, at inilapag sa kaniyang paanan; at kaniyang sinabi: Tunay na ikaw sa akin ay isang asawang mabangis. **26** Sa gayo'y kaniyang binatawan siya. Ng magkagayo'y kaniyang sinabi: Isang asawa ka na mabangis, dahil sa pagtutuli.

**27** At ang PANGINOON'y nagsabi kay Aaron: Yumaon ka sa ilang upang salubungin si Moises. At siya'y pumaroon, at nasalubong niya sa bundok ng Dios, at kaniyang hinagkan. **28** At isinaysay ni Moises kay Aaron ang lahat ng mga salita ng PANGINOON, na ipinagbilin sa kaniyang sabihin, at ang lahat ng tandang ipinagbilin sa kaniyang gawin. **29** At si Moises at si Aaron ay naparoon at tinipon ang lahat ng matanda sa mga anak ng Israel: **30** at sinalita ni Aaron ang lahat ng salita na sinalita ng PANGINOON kay Moises, at ginawa ang mga tanda sa paningín ng bayan. **31** At ang bayan ay naniwala: at ng kanilang marinig na dinalaw ng PANGINOON ang mga anak ng Israel, at kaniyang nakita ang kanilang kapighatian, iniyukod nga nila ang kanilang ulo at sumamba.

**5** At pagkatapos nito, si Moises at si Aaron ay nagsipaso, at sinabi kay Faraon: Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel: Bayan mong ang aking bayan ay yumaon upang sila'y magdiwang ng isang kapistahan sa akin sa ilang. **2** At sinabi ni Faraon: ¿Sino ang PANGINOON na aking pakikingan ang kaniyang voces, upang pahintulutan kong yumaon ang Israel? Hindi ko nakikilala ang PANGINOON, at huk-d dito'y hindi ko pahihintulutan yumaon ang Israel. **3** At kanilang sinabi: Ang Dios ng mga Hebreo ay nakipagsalubong sa amin:

pahintulutan mo nga kaming maglakbay na tatlong araw sa ilang, at maghayin sa PANGINOONG aming Dios; baka hulugan niya kami ng salot o ng tabak. 4 At ang hari sa Egipto ay nagsabi sa kanilang: *¿*Bakit Moises at Aaron inyong kinakalagan ang bayan sa kanilang mga gawa? pumaroon kayo sa inyong mga pasan. 5 At si Faraon ay nagsabi: Narito, ang mga tawo sa lupain ay ngayoy marami, at inyong pinapagpapahinga sila sa kanilang mga pasan. 6 At ng araw ring yaon si Faraon ay nag-utos sa mga taga-pagpaatag sa bayan at sa kanilang mga puno, na sinabing: 7 Huag na ninyong bibigyan ang bayan, ng kugon upang gawing ladrillo, gaya ng dati: sila'y pumaroon at magtipon ng kugon para sa kanilang sarili. 8 At ang bilang ng mga ladrillo, na kanilang ginagawang dati ay siya rin ninyong ilalagay sa kanila; wala kayong babawasin: sapagka't sila'y mga pagayon-gayon; kaya't sila'y humihiyaw, na nagsasabing: *¿*Tulutan mo kaming yumaon at maghayin sa aming Dios! 9 Pabigatin ninyo ang gawa ng mga lalaki, upang kanilang gawin; at huag nilang pakitunuhan ang mga kabulaanang salita. 10 Atang mga taga-pagpaatag sa bayan, ay nagsilabas, at ang kanilang mga puno, at sila'y nagsalita sa bayan, na sinabing: Ganito ang sabi ni Faraon: Hindi ko kayo bibigyan ng kugon. 11 Yumaon kayo ng inyong sarili, kumuha kayo ng kugon kung saan kayo makakakuha: sapagka't walang babawasin kaonti man sa inyong gawa. 12 Kaya't ang bayan ay nangalat sa boong lupain ng Egipto, na humahanap ng dayami sa lugar ng kugon. 13 At hinihigpitan ng mga taga-pagpaatag, na sinasabing: Tapusin ninyo ang inyong mga gawa, ang inyong gagawin sa araw-araw, gaya ng mayroon kayong kugon. 14 At ang mga puno sa mga anak ng Israel na mga nilagay sa kanila ng mga taga-pagpaatag ni Faraon, ay nangapalo, at sa kanila'y sinasabing: *¿*Pakit hindi ninyo tinapos ang inyong gagawin kahapon at ngayon, sa paggawa ng ladrillo, gaya ng dati? 15 Ng magkagayo'y ang mga puno sa mga anak ng Israel ay naparoon at humiyaw kay Faraon, na nagsabing: *¿*Bakit mo ginaganiyan ang inyong mga alipin? 16 Walang ano mang kugon, na ibinibigay sa inyong mga alipin, at kanilang sinasabi sa aming: Gumawa kayo ng ladrillo: at, narito, ang inyong mga alipin

ay nangapalo; nguni't ang sala'y nasa inyong sariling bayan. 17 Datapua't kaniyang sinabing: Kayo'y pagayon-gayon, kayo'y pagayon-gayon; kaya't inyong sinasabi: *¿*Tulutan mo kaming yumaon, at maghayin sa PANGINOON! 18 Kayo ngayon gumawa; sapagka't walang ano mang kugong ibibigay sa inyo, gayon ma'y inyong ibibigay ang bilang ng mga ladrillo. 19 At nakita ng mga puno sa mga anak ng Israel, na sila'y nasa masamang kalagayan, ng sabihing: Walang mababawas na ano man sa inyong mga ladrillo, sa inyong gagawin sa araw-araw. 20 At kanilang nasalubong si Moises at si Aaron, na nagsitayo sa daan, pagkapangaling kay Faraon: 21 at sila'y nagsabi sa kanilang: Kayo'y tingnan ng PANGINOON, at hatulan; sapagka't kami ay inyong pinapaging nakapopoot sa mga mata ni Faraon, at sa mga mata ng kaniyang mga alipin, na kayo'y naglagay ng tabak sa kanilang kamay upang kami ay patayin. 22 At si Moises ay nagbalik sa PANGINOON, at nagsabing: PANGINOON *¿*Bakit mo ginawan ng kasaman ang bayang ito? *¿*Bakit mo sinugo ako? 23 Sapagka't mula ng ako'y mangaling kay Faraon upang magsalita sa inyong pangalan, kaniyang ginawan ng kasaman ang bayang ito, at sa ano mang parsaan ay hindi mo iniligtas ang inyong bayan.

6 At ang PANGINOON'y nagsabi kay Moises: Ngayoy iyong makikita kung ano ang gagawin ko kay Faraon: sapagka't sa pamamag-itan ng isang malakas na kamay ay payayaonin niya sila, at sa pamamag-itan ng isang malakas na kamay ay palalayasin niya sila sa kaniyang lupain.

2 At ang Dios ay nagsalita kay Moises, at nagsabi sa kaniyang: Ako'y si JEHOVA: 3 at ako'y napakita kay Abraham, kay Isaak, at kay Jakob na Dios na Makapangyarihan-sa-lahat, nguni't sa pamamagitan ng aking pangalang JEHOVA noon ay hindi ako napakilala sa kanila: 4 At akin ding pinapagtibay ang aking tipan sa kanila, upang ibigay sa kanila ang lupain ng Kanaan, ang lupain ng kanilang pangangibang-bayan, na kanilang pinangibahang bayan. 5 At bukod dito'y aking narinig ang hibik ng mga anak ng Israel na mga binibinbin ng mga taga Egipto sa pagka alipin; at aking naalaala ang aking tipan. 6 Kaya't sabihin mo sa mga anak ng Israel: Ako'y si JEHOVA

at aking kukunin kayo sa ilalim ng mga pasan sa mga taga Egipto, at aking titimawain kayo sa pagkaalipin sa kanila, at aking tutubusin kayo na may unat na kamay at may mga malalaking kahatulan: **7** At kayo'y aking kukunin na pinakabayan ko, at ako'y magiging sa inyo'y Dios: at inyong makikila na ako'y si JHOVANG inyong Dios, na kumukuha sa inyo sa ilalim ng mga pasan sa mga taga Egipto. **8** At aking dadalhin kayo sa lupain, tungkol sa aking pinagtansan ng aking kamay upang ibigay kay Abraham, kay Isaak, at kay Jakob; at aking ibibigay sa inyo na pinakamana: Ako'y si JHOVA. **9** At sinalitang gayon ni Moises sa mga anak ng Israel; datapua't hindi sila nakinig kay Moises, dahil sa kainipan ng espiritu, at dahil sa mabagsik na pagkaalipin.

**10** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na sinabing: **11** Pumasok ka, salitain mo kay Faraon na hari sa Egipto, na kaniyang pahintulatang ang mga anak ng Israel ay yumaon sa kaniyang lupain. **12** At si Moises ay nagsalita sa harap ng PANGINOON, na sinabing: Narito, ang mga anak ng Israel ay hindi nakinig sa akin; ¿paano ngang si Faraon ay makikinig sa akin, na ako'y sa mga di tuling labi? **13** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises at kay Aaron, at ipinagbilin sa kanila ang mga anak ng Israel, at si Faraon na hari sa Egipto, upang kunin ang mga anak ng Israel sa lupain ng Egipto.

**14** Ito ang mga pangulo sa mga bahay ng kanilang mga magulang: ang mga anak ni Ruben na panganay ng Israel; si Enok, at si Pallu, at si Hezron, at si Kami: ito ang mga anak ni Ruben. **15** At ang mga anak ni Simeon; si Jemuel, at si Jamin, at si Ohad, at si Jakin, at si Soar, at si Saul na anak sa isang babayeng Kananeo: ito ang mga anak ni Simeon. **16** At ito ang mga pangalan ng mga anak ni Levi ayon sa kanilang lahi; si Gerson, at si Koat, at si Merari: at ang mga naging taon ng buhay ni Levi ay isang daan at tatlong puo't pitong taon. **17** Ang mga anak ni Gerson; si Libni at Simei, ayon sa kani-kanilang kasambahay. **18** At ang mga anak ni Koat; si Amram, at si Izar, at si Hebron, at si Uziel: at ang mga naging taon ng buhay ni Koat ay isang daan at tatlong puo't tatlong taon. **19** At ang mga anak ni Merari; si Mahli at

si Musi. Ito ang mga kasambahay ng mga Levita ayon sa kanilang lahi. **20** At nag-asawa si Amram kay Jokabed na kapatid na babaye ng kaniyang ama, at ipinanganak niya si Aaron at si Moises: at ang mga naging taon ng buhay ni Amram ay isang daan at tatlong puo't pitong taon. **21** At ang mga anak ni Izar; si Kora, at si Nefeg, at si Zikri. **22** At ang mga anak ni Uziel; si Misael, at si Eleazar at si Sitri. **23** At nag-asawa si Aaron kay Eliseba, na anak ni Aminadab, na kapatid ni Naason; at ipinanganak niya si Nadab at si Abiu, si Eleazar at si Itamar. **24** At ang mga anak ni Kora; si Asir, at si Elkana, at si Abiasaf; ito ang mga kasambahay ng mga Korita. **25** At si Eleazar na anak ni Aaron, ay nag-asawa sa isa sa mga anak ni Putiel; at ipinanganak niya si Fineas. Ito ang mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang ng mga Levita ayon sa kanilang kasambahay. **26** Ito'y yaong si Aaron at si Moises na siyang pinagsabihan ng PANGINOON: Kunin ninyo ang mga anak ng Israel sa lupaing Egipto ayon sa kanilang mga hukbo. **27** Ito ang mga nagsalita kay Faraon na hari sa Egipto, upang kunin ang mga anak ng Israel sa Egipto: Ito'y yaong si Moises at si Aaron,

**28** At nangyari ng araw ng ang PANGINOON ay magsalita kay Moises sa lupaing Egipto, **29** na ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na sinabing: Ako nga ang PANGINOON: salitain mo kay Faraon na hari sa Egipto ang lahat ng aking sinasalita sa iyo. **30** At sinabi ni Moises sa harap ng PANGINOON: Narito, ako'y sa mga di tuling labi, ¿paanong si Faraon ay makikinig sa akin?

**7** At ang PANGINOON ay nagsabi kay Moises: Tingnan mo, ginawa kitang dios kay Faraon: at si Aarong iyong kapatid ay magiging iyong profeta. **2** Iyong sasalitaing lahat ang aking ini-uutos sa iyo: at sasalitain ni Aaron na iyong kapatid kay Faraon, upang kaniyang pahintulatang ang mga anak ng Israel ay umalis sa kaniyang lupain. **3** At aking patitigasin ang puso ni Faraon, at aking pararamihin ang aking mga tanda at ang aking mga kababalaghan sa lupaing Egipto. **4** Ngunit si Faraon ay hindi makikinig sa inyo, at aking ilalagay ang aking kamay sa Egipto, at aking kukunin ang aking mga hukbo, ang aking bayan, na anak ng Israel, sa lupaing Egipto sa pamamagitan ng mga dakilang kahatu-

lan. 5 At makikilala ng mga taga Egipto na ako ang PANGINOON, pagka aking iniunat ang aking kamay sa Egipto, at kinuha ang mga anak ng Israel sa gitna nila. 6 At ginawang gayon ni Moises at ni Aaron: kung paanong iniutos ng PANGINOON sa kanila, gayon ginawa nila. 7 At si Moises ay may walong puong taong gulang, at si Aaron ay may walong puo't tatlong taong gulang ng sila'y mag-salita kay Faraon.

8 At nagsalita ang PANGINOON kay Moises at kay Aaron, na sinabing: 9 Pag sasalita ni Faraon sa inyo, na magsabing: Magpakita kayo ng isang kababalaghan sa ganang inyo; kung makagayo'y iyong sasabihin kay Aaron: Kunin mo ang iyong tungkod, at ihagis mo sa harap ni Faraon, na magiging isang ahas. 10 At si Moises at si Aaron ay naparoon kay Faraon, at kanilang ginawang gayon, gaya ng iniutos ng PANGINOON: at inihagis ni Aaron ang kaniyang tungkod sa harap ni Faraon at sa harap ng kaniyang mga alipin, at naging ahas. 11 Ng makagayo'y tinawag naman ni Faraon ang mga marunong at ang mga mangagaway: at sila naman na mga mago sa Egipto, ay gumawa sa gayon ding paraan ng kanilang mga pag-enkanto, 12 na inihagis ng baw't isa ang kaniyang tungkod, at mga naging ahas: nguni't nilamon ng tungkod ni Aaron ang mga tungkod nila. 13 At ang puso ni Faraon ay tumigas, at hindi niya dininig sila; gaya ng sinalita ng PANGINOON.

14 At ang PANGINOON'y nagsabi kay Moises: Ang puso ni Faraon'y tumigas, kaniyang tinatangihang tulutan, na ang bayan ay yumaon. 15 Pumaroon ka kay Faraon sa kinaumagahan; narito, siya'y pasasa tubig; at ikaw ay tatayo sa tabi ng ilog upang salubungin siya; at ang tungkod na naging ahas ay iyong tatangan sa iyong kamay. 16 At iyong sasabihin sa kaniyang: Ang PANGINOON, ang Dios ng mga Hebreo, sinugo ako sa iyo, na sinabing: Pahintulutan mong ang aking bayan ay yumaon, upang sila'y makapaglingkod sa akin sa ilang: at, narito, hangan ngayo'y hindi mo dininig. 17 Ganito ang sabi ng PANGINOON: Dito mo makikilala, na ako ang PANGINOON: narito, aking susugatan ng tungkod, na nasa aking kamay ang mga tubig, na nasa ilog, at magiging dugo. 18 At ang mga isda, na nasa ilog ay mamatay, at ang ilog ay

babaho; at ang mga taga Egipto ay masusuklam na uminom ng tubig sa ilog. 19 At ang PANGINOON ay nagsabi kay Moises: Sabihin mo kay Aarong: Sungaban mo ang iyong tungkod, at iunat mo ang iyong kamay sa tubig sa Egipto, sa kanilang mga ilog, sa kanilang mga bangbang, at sa kanilang mga lawa at sa lahat nilang tipunan ng tubig, upang mga maging dugo; at magkakaroon ng dugo sa boong lupain ng Egipto, maging sa mga sisidlang kahoy at sa mga sisidlang bato. 20 At ginawang gayon ni Moises at ni Aaron, gaya ng iniutos ng PANGINOON; at kaniyang itinaas ang tungkod, at sinugatan ang mga tubig, na nasa ilog, sa paningin ni Faraon, at sa paningin ng kaniyang mga alipin; at ang boong tubig, na nasa ilog ay naging dugo. 21 At ang isda, na nasa tubig ay namatay; at ang ilog ay bumaho, at ang mga taga Egipto ay hindi makainom ng tubig sa ilog; at nagkaroon ng dugo sa boong lupain ng Egipto. 22 At ang mga mago sa Egipto ay gumawa ng gayon din, ng kanilang mga pag-enkanto; at ang puso ni Faraon ay tumigas, at hindi niya dininig sila; gaya ng sinalita ng PANGINOON. 23 At si Faraon ay pumihit at umowi sa kaniyang bahay, sa ganito ma'y di nagbago ang kaniyang puso. 24 At lahat na taga Egipto ay humukay sa palibot ng ilog; upang makasumpung ng tubig na mainom; sapagka't sila'y hindi makainom sa tubig sa ilog. 25 At naganap ang pitong araw, pagkatapos na masugatan ng PANGINOON ang ilog.

8 At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises: Pasukin mo si Faraon, at sabihin mo sa kaniyang: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Tulutan mong ang aking bayan ay yumaon, upang sila'y makapaglingkod sa akin. 2 At kung tumatangi kang tulutan mong sila'y yumaon, narito, aking susugatan ng mga palaka ang lahat ng inyong hanganan: 3 at ang ilog magkagungo ng mga palaka, na mga aahon at papasok sa iyong bahay, at sa iyong tulugan, at sa iyong hihigan, at sa bahay ng iyong mga alipin, at sa iyong bayan, at sa iyong mga hurno, na sa iyong mga batia: 4 at ang mga palaka ay magsisi-akyat sa iyo at gayon din sa iyong bayan, at sa lahat ng iyong alipin. 5 At ang PANGINOON ay nagsabi kay Moises: Sabihin mo kay Aarong: Iunat mo ang iyong kamay sampuo ng iyong tungkod sa mga ilog, sa mga bangbang, at sa mga

lawa, at paahunin mo ang mga palaka sa lupain ng Egipto. **6** At iniunat ni Aaron ang kaniyang kamay sa mga tubig sa Egipto; at ang mga palaka ay nagsiahon, lat tinakpan ang lupain ng Egipto. **7** At ang mga mago ay gumawa ng gayon din ng kanilang mga pag-enkanto, at nagpaahon ng mga palaka sa lupain ng Egipto. **8** Ng magkagayo'y tinawag ni Faraon si Moises at si Aaron, at nagsabing: Manalangin kayo sa PANGINGON, na alisin ang mga palaka sa akin, at sa aking bayan; at aking tutulutang ang bayan ay yumaon, upang sila'y makapaghayin sa PANGINGON. **9** At si Moises ay nagsabing kay Faraon: Magkaroon ka ng kahalhatiang ito sa akin: pasivahan mo kung anong oras ipamamanhik kita, at ang iyong mga alipin, at ang iyong bayan, upang ang mga palaka ay malipol sa iyo at sa iyong mga bayan, at mangatira na lamang sa ilog. **10** At kaniyang sinabing: Sa kinabukasan. At si Moises ay sumagot: Mangyayari ayon sa iyong salita, upang iyong makilala, na walang gaya ng PANGINGONONG aming Dios. **11** At ang mga palaka ay magsisilayo sa iyo, at sa iyong mga bahay, at sa iyong mga alipin, at sa iyong bayan; mga matitira na lamaug sa ilog. **12** At si Moises at si Aaron ay umalis sa harap ni Faraon: at si Moises ay humiyaw sa PANGINGON tungkol sa mga palaka na kaniyang dinala kay Faraon. **13** At ginawa ng PANGINGON ayon sa salita ni Moises; at ang mga palaka ay namatay sa mga bahay, sa mga pasukan at sa mga parang. **14** At mga pinisan na buntunbuntun: at ang lupa ay bumaho. **15** Nguni't ng makita ni Faraon na may hininga, pinatigas ang kaniyang puso, at hindi niya dininig sila; gaya ng sinalita ng PANGINGON. **16** At ang PANGINGON ay nagsabi kay Moises: sabihin mo kay Aaron: Iunat mo ang iyong tungkod, at sugatan mo ang alabok ng lupa, upang maging kuto sa boong lupain ng Egipto. **17** At kanilang ginawang gayon; at iniunat ni Aaron ang kaniyang kamay sampo ng kaniyang tungkod, at sinugatan ang alabok ng lupa, at nagkaroon ng mga kuto sa tawo at sa hayop; lahat ng alabok ng lupa ay naging mga kuto sa boong lupain ng Egipto. **18** At ang mga mago ay gumawa ng gayon ng kanilang mga pag-enkanto, upang maglabas ng mga kuto, nguni't hindi nila nagawa: at nagkaroon ng mga kuto sa tawo at sa hayop. **19** Ng mag-

kagayo'y sinabi ng mga mago kay Faraon: Ito'y daliri ng Dios: at ang puso ni Faraon ay tumigas, at hindi niya dininig sila, gaya ng sinalita ng PANGINGON.

**20** At ang PANGINGON ay nagsabi kay Moises: Magbangon kang maaga sa kinanamagahan, at tumayo ka sa harap ni Faraon; narito, siya'y pasasa tubig, at sabihin mo sa kaniyang: Ganito ang sabi ng PANGINGON: Tulutan mong ang aking bayan ay yumaon, upang sila'y makapaglingkod sa akin. **21** Bukod dito'y kungdi mo tutulutang ang aking bayan ay yumaon, aking susuguin ang mga pulutong na mga langaw sa iyo, at sa iyong mga alipin, at sa iyong bayan, at sa loob ng iyong mga bahay: at ang mga bahay ng mga taga Egipto ay mapupuno ng mga pulutong na mga langaw, at gayon din ang lupa na kinaroroonan nila. **22** At aking ihihwalay sa araw na yaon ang lupain ng Gosen, na kinatatahanan ng aking bayan, upang huag magkaroon doon ng mga pulutong na mga langaw; ng iyong makilala, na ako ang PANGINGON sa gitna ng lupa. **23** At aking paghihwalayin ang aking bayan at ang iyong bayan: Sa kinabukasan mangyayari ang tandang ito. **24** At ginawang gayon ng PANGINGON; at nagsipasok ang mga makapal na pulutong na mga langaw sa bahay ni Faraon, at sa bahay ng kaniyang mga alipin: at sa boong lupain ng Egipto ang lupa'y nasisira dahil sa mga pulupulutong na mga langaw. **25** At tinawag ni Faraon si Moises at si Aaron, at nagsabing: Yumaon kayo, maghayin kayo sa inyong Dios sa lupain. **26** At si Moises ay nagsabing: Hindi marapat na aming gawing ganiyan; sapagka't aming ihahayin ang mga kasuklamsuklam ng mga taga Egipto, sa PANGINGONONG aming Dios: Narito, ihahayin ba namin ang kasuklamsuklam ng mga taga Egipto sa harap ng kanilang mga mata, at di ba nila kami babatuhin? **27** Kami ay yayaong tatlong araw na maglalakbay sa ilang, at maghahayin sa PANGINGONONG aming Dios, ayon sa kaniyang iuutos sa amin. **28** At sinabi ni Faraon: Aking tutulutang kayo'y yumaon, upang kayo'y makapaghayin sa PANGINGONONG inyong Dios sa ilang; huag lamang kayong totoong lalayo: idalangin ninyo ako. **29** At si Moises ay nagsabing: Narito, iiwan kita, at aking idadalangin sa PANGINGON, na ang mga pulupulutong na mga langaw

ay magsilayo kay Faraon, sa kaniyang mga alipin, at sa kaniyang bayan, bukas: nguni't huag ng magdaya pa si Faraon, na huag tulutang ang bayan na yumaon, upang maghayin sa PANGINOON. 30 At iniwan ni Moises si Faraon, at nanalangin sa PANGINOON. 31 At ginawa ng PANGINOON ayon sa salita ni Moises; at inialis niya ang mga pulupulutong na mga langaw kay Faraon, sa kaniyang mga alipin, at sa kaniyang bayan; walang natira doon kahit isa. 32 At pinatigas din uli ni Faraon ang kaniyang puso at hindi tinulutang yumaon ang bayan.

9 Ng magkagayon ang PANGINOON ay nagsabi kay Moises: Pasukin mo si Faraon, at saysayin mo sa kaniyang: Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng mga Hebreo: Pahintulutan mong ang aking bayan ay yumaon, upang ako'y mapaglingkoran nila. 2 Sapagka't kung tumanging pahintulutan mo silang yumaon, at sila'y pipigilin mo pa, 3 narito, ang kamay ng PANGINOON ay nasa ibabaw ng iyong hayop na nasa parang, sa ibabaw ng mga kabayo, sa ibabaw ng mga asno, sa ibabaw ng mga kamello, sa ibabaw ng mga bakahan, at sa ibabaw ng mga kawan: *magkakaroon* ng malaking pagkakasalot. 4 At paghihiwalayin ng PANGINOON ang hayop ng Israel at ang hayop ng Egipto: at walang mamamatay sa lahat ng ukol sa mga anak ng Israel. 5 At ang PANGINOON ay nagtakda ng panahon, na sinabing: Bukas ay gagawin ng PANGINOON ang bagay na ito sa lupain. 6 At ginawa ng PANGINOON ang bagay na yaon sa kinabukasan, at ang lahat ng hayop ng Egipto ay namatay: nguni't sa hayop ng mga anak ng Israel ay walang namatay kahit isa. 7 At si Faraon ay nagsugo, at, narito, walang namatay kahit isa sa kawan ng mga Israelita. Nguni't ang puso ni Faraon ay tumigas, at hindi niya tinulutang ang bayan ay yumaon.

8 At ang PANGINOON ay nagsabi kay Moises at kay Aarong: Dumakot kayo ng isang dakot na abo sa hurno, at isaboy ni Moises sa himpapawid, sa pangingin ni Faraon. 9 At magiging durog na alabok sa boong lupain ng Egipto, at magiging bukol na naknakin sa tawo at sa hayop, sa boong lupain ng Egipto. 10 At sila'y kumuha ng abo sa hurno, at tumayo sa harap ni Faraon, at isinaboy ni Moises sa himpapawid; at naging bukol na naknakin

sa tawo at sa hayop. 11 At ang mga mago ay hindi makatayo sa harap ni Moises dahil sa mga bukol; sapagka't ang mga bukol ay nasa mga mago at nasa lahat ng mga taga Egipto. 12 At pinatigas ng PANGINOON ang puso ni Faraon, at hindi niya dininig sila; gaya ng sinalita ng PANGINOON kay Moises.

13 At ang PANGINOON ay nagasabi kay Moises: Magbangon kang maagasa sa kinau-magahan, at tumayo ka sa harap ni Faraon, at sabihin mo sa kaniyang: Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng mga Hebreo: Tulutan mong ang aking bayan ay yumaon, upang ako'y mapaglingkoran nila. 14 Sapagka't ngayo'y ihuhulog ko na ang lahat ng aking salot sa iyong puso, at sa iyong mga alipin, at sa iyong bayan; upang iyong makilala na walang gaya ko sa boong lupa. 15 Sapagka't ngayo'y halos ininuat ko ang aking kamay, upang sugatan kita, at ang iyong bayan ng salot, nawala ka na sa lupa: 16 datapua't tootong totoo, na dahil dito ay pinatayo kita, upang makilala mo ang aking kapang-yarihan, at upang ang aking pangalan ay malhayag sa boong lupa. 17 Nagmamalaki ka pa ba sa aking bayan, na hindi mo tutulutang sila'y yumaon? 18 Narito, bukas, sa ganitong oras, ako'y magpapaulan ng malakas, ng granizo, na kailan ma'y hindi nagkaroon sa Egipto mula ng araw na itayo hangan ngayon. 19 Ngayon nga'y magsugo ka, ipasilong mo ang iyong mga hayop at lahat ng iyong tinantankilik sa parang: *sapagka't bawa't tawo* at hayop na masusunduan sa parang, at hindi masisilong, ay lalakpakan ng granizo at mamamatay. 20 Yaong natakot sa salita ng PANGINOON, sa mga alipin ni Faraon ay pinapagmadaling pinaowi ang kaniyang mga alipin at ang kaniyang hayop sa mga babay: 21 At yaong nagwalang bahala sa salita ng PANGINOON ay pinabayaan ang kaniyang mga alipin at ang kaniyang kawan sa parang.

22 At ang PANGINOON ay nagsabi kay Moises: Inuat mo ang iyong kamay sa dakong langit, upang magkaroon ng granizo sa boong lupain ng Egipto, na *lulakpak* sa tawo, at sa hayop, at sa bawa't halaman sa parang sa boong lupain ng Egipto. 23 At iniunat ni Moises ang kaniyang tungkod sa dakong langit: at ang PANGINOON ay nagsugo ng kulog at granizo, at ang spoy ay lumakpak sa lupa; at ang PANGINOON ay nagpaulan ng granizo sa lupain ng Egipto. 24 Sa

gayo'y nagkaroon ng granizo at apoy, na nagniningning sa granizo, na napakalakas; na kailan ma'y hindi nagkaroon sa boong lupain ng Egipto mula ng maging nasyon.

25 At sinugatan ng granizo ang boong lupain ng Egipto, ang lahat na nasa parang, maging tawo at maging hayop; at sinugatan ng granizo ang lahat ng halaman sa parang, at binali ang lahat ng punong kahoy sa parang. 26 Sa lupain lamang ng Gosen, na kinaroroonan ng mga anak ng Israel, hindi nagkaroon ng granizo. 27 At si Faraon ay nagsugo, at ipinatawag si Moises at si Aaron, at sinabi sa kanilang: Ako'y nagkasalang mule: Ang PANGINOÓY banal; at ako at ang aking bayan ay masama. 28 Dalanginan ninyo ang PANGINOON; sapagka't nagkaroon na ng sukat na makapang yarihang mga kulog at granizo; at aking tutulutang kayo'y yumaon, at di ko na kayo bibinbinin. 29 At sinabi ni Moises sa kaniyang: Pagkalabas ko sa ciudad, ay aking iunat ang aking mga kamay sa PANGINOON; at ang mga kulog ay titigil, at hindi na magkakaroon pa ng ano mang granizo; upang iyong makilala na ang lupa'y sa PANGINOON. 30 Nguni't tungol sa iyo at sa iyong mga alipin, nalalaman ko, na di pa kayo matatakot sa PANGINOONG Dios. 31 At ang lino at ang cebada ay nasugatan; sapagka't ang cebada ay nag-uuhay na at ang lino ay namumulaklak na. 32 Datapua't ang trigo at ang espelta ay hindi nasugatan, sapagka't hindi pa tumutubo. 33 At si Moises ay lumabas sa ciudad na galing kay Faraon, at iniunat ang kaniyang kamay sa PANGINOON; at ang mga kulog at ang granizo ay tumigil, at ang ulan ay di na lumagpak sa lupa. 34 At ng makita ni Faraon, na ang ulan, at ang granizo, at ang mga kulog ay tumigil, siya'y lalong nagkasala pa, at tumigas ang kaniyang puso, niya at ng kaniyang mga alipin. 35 At ang puso ni Farao'y tumigas, at hindi niya pinahintulatang ang mga anak ng Israel ay yumaon; gaya ng sinalita ng PANGINOON sa pamamagitan ni Moises.

10 At ang PANGINOÓY nagsabi kay Moises: Pasukin mo si Faraon: sapagka't aking pinatigas ang kaniyang puso, at ang puso ng kaniyang mga alipin, upang aking maipakilala itong aking mga tanda sa gitna nila: 2 at upang iyong maisaysay sa mga pakinig ng iyong anak, at sa anak ng iyong anak, kung anong mga

bagay ang ginawa ko sa Egipto, at ang aking mga tandang ginawa sa gitna nila, upang inyong makilala, na ako ang PANGINOON. 3 At pinasok ni Moises at ni Aaron si Faraon, at sinabi sa kaniyang: Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng mga Hebreo: ¿Hangang kailan tatangi kang manggayupapa sa harap ko? Tulutan mong ang aking bayan ay yumaon, upang sila'y makapaglingkod sa akin. 4 Bukod dito, kung ikaw ay tumanging tulutan mo, na ang aking bayan ay yumaon, narito, bukas ay magdadala ako ng mga balang sa iyong hangganan: 5 at kanilang tatakpan ang balat ng lupa, na walang makakakita ng balat ng lupa; at kanilang kakanin ang naiwan sa mga nakataanan, na itinira sa iyo ng granizo, at kanilang kakanin ang bawát kahoy na tumutubo para sa iyo sa parang: 6 at ang inyong mga bahay ay mapupuno, at ang mga bahay ng lahat mong alipin, at ang mga bahay ng lahat ng taga Egipto; na hindi nakita ng inyong mga magulang o ng mga magulang man ng inyong mga magulan, mula ng araw, na sila'y mapasa lupa hangang sa araw na ito. At siya'y pumihit at umalis sa harap ni Faraon. 7 At ang mga alipin ni Faraon ay nagsabi sa kaniyang: ¿Hangang kailan magiging isang silo ang tawong ito sa atin,? tulutan mong ang mga tawong iyan ay yumaon, upang sila'y makapaglingkod sa PANGINOONG kanilang Dios: ¿Hindi mo pa ba natalalastas, na ang Egipto'y giba na? 8 At si Moises at si Aaron ay pinapagbalik kay Faraon: at kaniyang sinabi sa kanilang: Kayo'y yumaon, maglingkod kayo sa PANGINOONG inong Dios: datapua't ¿sino sino yaong magsisiyaon? 9 At sinabi ni Moises: Kami ay yayaon sampuo ng aming mga binata at sampuo ng mga matanda, sampuo ng aming mga anak na lalaki at babaye, sampuo ng aming mga kawan at sampuo ng aming mga bakahan, kami ay yayaon; sapagka't kami ay nararapat magdiwang ng isang pista sa PANGINOON. 10 At kaniyang sinabi sa kanilang: ¿Sumainyo nawa ang PANGINOON, gaya ng aking pagpapahintulot sa inyong yumaon, at sa inyong mga bata: tingnan ninyo, sapagka't ang kasaman ay nasa harap ninyo. 11 Hindi gayon: yumaon kayong mga lalaki, at maglingkod sa PANGINOON; sapagka't iyan ang inyong ninanasa. At sila'y pinalayas sa harap ni Faraon.

12 At ang PANGINOÓY nagsabi kay



Moises: Iunat mo ang iyong kamay sa lupain ng Egipto, upang *magdala ng mga balang*, at umakyat sa lupain ng Egipto, at kumain ng lahat na halaman sa lupain, yaong lahat na iniwan ng granizo. **13** At iniunat ni Moises ang kaniyang tungkod sa lupain ng Egipto, at ang PANGINOON'y magdala ng hangng silanganan sa lupain ng boong araw na yaon, at ng boong gabi; at ng maumaga, ang hangng silanganan ay nagdala ng mga balang. **14** At ang mga balang ay umakyat sa boong lupain ng Egipto, at nagsipagpahinga sa lahat ng hangnan ng Egipto; totoong napakakapal; bago noon ay hindi nagkaroon ng gayong balang, at hindi na magkakaroon pa, pagkatapos noon, ng gayon. **15** Sapagka't tinakpan ng mga yaon ang balat ng boong lupa, na ano pa't ang lupain ay nagdilim; at kinain ang lahat na halaman sa lupain, at ang lahat ng bunga ng mga kahoy na iniwan ng granizo; at walang natirang ano mang sariwang bagay, maging sa punong kahoy o sa halaman sa parang, sa boong lupain ng Egipto. **16** Ng magkagayo'y tinawag na madali ni Faraon si Moises at si Aaron, at kaniyang sinabing: Ako'y nagkasala laban sa PANGINOONG inyong Dios, at laban sa inyo. **17** Ngayon nga'y ipatawad mo, isinasamo ko sa iyo, ang aking kasalanan, na ngayon na lamang, at idalangin niyo sa PANGINOONG inyong Dios, na kaniya lamang ilayo sa akin ang kamatayang ito. **18** At siya'y umalis sa harap ni Faraon, at nanalangin sa PANGINOON. **19** At pinapagbali ng PANGINOON ang isang napakalakas na hangng kalunuran, na siyang nagpaitaas sa mga balang, at mga tumangay sa Dagat na Mapula; walang natira kahit isang balang sa boong hangnan ng Egipto. **20** Datapua't pinatigas ng PANGINOON ang puso ni Faraon, at hindi niya tinulutang ang mga anak ng Israel ay yumaon.

**21** At sinabi ng PANGINOON kay Moises: Iunat mo ang iyong kamay sa dakong langit, upang magdilim sa lupain ng Egipto, ng kadiliman na mahihipo. **22** At iniunat ni Moises ang kaniyang kamay sa dakong langit; at nagsalimutan ang dilim sa boong lupain ng Egipto, na tatlong araw; **23** sila'y hindi nagkikita, at walong tumindig na sino man sa kaniyang lugar sa loob ng tatlong araw: datapua't lahat ng mga anak ng Israel ay may liwanag sa kanilang mga tahanan. **24** At tinawag ni Faraon si Moises, at sinabing: Yumaon kayo, maglingkod kayo sa PA-

NGINOON; inyo lamang iwan ang inyong mga kawan at ang inyong mga bakahan: isama rin naman niyo ang inyong mga bata. **25** At sinabi ni Moises: Ikaw ay nararapat ding magbigay sa aming kamay ng mga hayin at mga handog na susu-nugin, upang aming maihayin sa PANGINOONG aming Dios. **26** Ang aming hayop din ay yayaong kasama namin; wala kahit isang paa na maliwan; sapagka't sa kanila kami nararapat kumuha, upang *kani ay maglingkod* sa PANGINOONG aming Dios; at hindi namin nalalaman kung ano ang aming nararapat ipaglingkod sa PANGINOON, hangang sa kami ay dumating doon. **27** Datapua't pinatigas ng PANGINOON ang puso ni Faraon, at hindi niya tinulutang sila'y yumaon. **28** At sinabi ni Faraon sa kaniyang: Umalis ka sa harap ko, pag-ingatan mong ikaw ay huag tuminging muli sa aking mukha; sapagka't sa araw na iyong makita ang aking mukha ay mamamatay ka. **29** At sinabi ni Moises: Mabute ang sabi mo; hindi ko na muling titingnan ang iyong mukha.

**11** At sinabi ng PANGINOON kay Moises: *May isang salot pa akong dadalhin kay Faraon at sa Egipto*, pagkatapos noon ay pahihintulutan niyang kayo'y umalis dito: pagpapahintulot niya sa inyong yumaon, ay tunay na kaniyang itataboy kayo na magkakasama dito. **2** Ibulong mo ngayon sa bayan, at ang bawa't lalaki ay humingi sa kaniyang kapua, at bawa't babaye ay sa kaniyang kapua, ng mga hiyas na pilak, at ng mga hiyas na ginto. **3** At ang PANGINOON ay nagbigay sa bayan, ng biyaya sa paningin ng mga taga Egipto. Bukod dito'y ang lalaking si Moises ay napakalaki sa lujain ng Egipto, sa paningin ng mga alipin ni Faraon, at sa paningin ng bayan.

**4** At sinabi ni Moises: Ganito ang sinasabi ng PANGINOON: Sa may hating gabi ako'y lalabas sa gitna ng Egipto: **5** at lahat ng panganay sa lupain ng Egipto ay mamamatay, mula sa panganay ni Faraon, na nakaloklok sa kaniyang loklok, hangang sa panganay ng aliping babayeng nasa likuran ng gilingan; at ang lahat ng panganay sa mga hayop. **6** At magkakaroon ng malaking hiyawan sa boong lupain ng Egipto, na hindi nagkaroon ng kaparis, at hindi na magkakaroon pa ng kaparis. **7** Datapua't laban sa mga anak ng Israel ay hindi igagalaw

ng aso ang kaniyang dila, laban sa tawo o sa hayop: upang inyong makilala kung peaco ang pagkakalagay ng pagkakaiba ng PANGINOON sa mga taga Egipto at sa Israel. **8** At itong lahat na iyong mga alipin ay bababaw ako, at magsisiyukod sa akin, na magsasabing: Umalis ka, at ang boong bayan na sumusunod sa iyo: at pagkatapos noon ay aalis ako. At siya'y umalis sa harap ni Faraon na may maalab na galit.

**9** At sinabi ng PANGINOON kay Moises: Hindi kayo didingin ni Faraon, upang ang aking mga kababalaghan ay dumami sa lupaing Egipto. **10** At ginawa ni Moises at ni Aaron ang lahat ng mga kababalaghang ito sa harap ni Faraon: at pinatigas ng PANGINOON ang puso ni Faraon, at hindi niya pinabintulutang ang mga anak ng Israel ay umalis sa kaniyang lupain.

**12** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises at kay Aaron sa lupain ng Egipto, na sinabing: **2** Ang buang ito'y magiging sa inyo'y pasimula ng mga buan: siyang magiging unang buan ng taon sa inyo. **3** Salitain ninyo sa boong kapulungan ng Israel, na *inyong* sabihing: Sa ikasampo ng buang ito ay magsisiyukuhang sila sa gangang kanila, baw't laki, ng isang cordero, ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, isang cordero sa baw't sambalayan: **4** at kung ang sambalayan ay napakakaunti upang *kunain* ng isang cordero, kung gayon, siya at ang kaniyang kakapit-bahay sa kaniyang bahay magsisikain, ayon sa bilang ng mga tawo; ayon sa kain ng baw't isa, ay gayon ibibilang sa cordero. **5** Ang inyong cordero ay yaong walang kapiutasan, isang laki ng unang taon: inyong kukunin sa mga tupa, o sa mga kanibing: **6** at inyong iingatan hangang sa ikalalabing-apat na araw ng buang ito: at papatayin ng boong kapisanan ng kapulungan ng Israel, sa dakong hapon. **7** At kanilang kukunin ang dugo, at ilalagay sa dalawang haligi ng pinto at sa itaas ng pintuan, sa mga bahay na kanilang kakainan. **8** At kanilang kakain ang laman sa gaging yaon, na inihaw sa apoy, at tinapay na walang levadura; kaulam ng mapapait na gulay kanilang kakanin. **9** Huag ninyong kaning hilaw, o luto sa tubig man, kungdi inihaw sa apoy; ang kaniyang ulo sampuo ng kaniyang mga paa at sampuo ng kaniyang mga lamangloob. **10** At huag ninyong pababayaang may matira sa kaniyang ano man hangang

sa kinaumagahan; kungdi yaong matitira roon sa kinaumagahan ay inyong susunugin ng apoy. **11** At ganito ninyo kakanin; may bigkis ang inyong balakang, ang inyong mga panyapak ay *nukasuot* sa inyong mga paa, at ang inyong tungkod ay *tuigan* ninyo sa inyong kamay: at inyong kakaning dalidali; siyang paskua ng PANGINOON. **12** Sapagka't ako'y dadaan sa lupain ng Egipto sa gaging yaon, at aking susugatan ang lahat ng panganyay sa lupaing Egipto, maging tawo at maging hayop; at ako'y magbibigay ng kabatulan laban sa lahat ng mga dios sa Egipto. Ako ang PANGINOON. **13** At ang dugo ay magiging sa inyo'y isang tanda sa mga bahay na inyong kinaroroonan: at pagka aking nakita ang dugo, dadaan ako sa ibabaw ninyo, at walang salot na sasainyo, upang pumatay, pagsugat ko sa lupaing Egipto. **14** At ang araw na ito'y magiging sa inyo'y isang alaala, at inyong ipagdidiwang isang pista sa PANGINOON; sa boong panahon ng inyong labi ay inyong ipagdidiwang isang pista na pinakautos magpakailan mau. **15** Pitong araw na kakain kayo ng tinapay na walang levadura; sa unang araw ay inyong ihiliwalay sa inyong mga bahay ang levadura; sapagka't sino mang kumain ng tinapay na may levadura mula sa unang araw hangang sa ikapitong araw, ang tawong yaon ay ihiliwalay sa Israel. **16** At sa unang araw ay magkakaroon kayo ng isang santong pagkakatiyon; walang ano mang gagawing gagawin sa mga araw na yaon, liban na yaong nararapat kanin ng baw't tawo, na siya lamang maaaring gawin ninyo. **17** At inyong ipangingilin ang pista ng tinapay na walang levadura; sapagka't sa araw ring ito aking kinuha ang inyong mga hukbo sa lupain ng Egipto: kaya't inyong ipangingilin ang araw na ito sa boong panahon ng inyong lahi, na pinakautos magpakailan man. **18** Sa unang buan ng ikalalabing-apat na araw ng buan sa dakong hapon, kayo'y kakain ng tinapay na walang levadura, hangang sa ikadalawang puo't isang araw ng buan, sa dakong hapon. **19** Pitong araw, na walang wastusumpunang levadura sa inyong mga bahay; sapagka't sino mang kumain niyaong may levadura, ang tawong yaon ay ihiliwalay sa kapulungan ng Israel, maging isang taga ibang lupa, o maging isang ipinanganak sa lupain. **20** Huag kayong kakain ng ano mang bagay na may levadura; sa lahat ng in-

yong tahanan ay kakain kayo ng tinapay na walang lewadura.

21 Ng magkagayo'y tinawag ni Moises ang lahat ng matanda sa Israel, at sinabi sa kanilang: Kayo'y lumabas at kumuha kayo ng mga cordero ayon sa inyong mga kasambahay, at magpatay kayo ng paskua. 22 At kayo'y kukuha ng isang bigkis na hisopo, at inyong basain sa dugo, na nasa palangana, at inyong pahiran ng dugo na nasa palangana ang itaas ng pinto at ang dalawang haligi ng pinto; at sino man sa inyo ay huag lalabas sa pinto ng kaniyang bahay hangang sa kinaumagahan. 23 Sapagka't ang PANGINOON ay daraan upang sugatan ang mga taga Egipto; at pagkakita niya ng dugo sa itaas ng pinto at sa dalawang haligi ng pinto, ay lalampasan ng PANGINOON ang pintong yaon, at hindi niya titiising ang mang-wawasak ay pumasok sa inyong mga bahay na sugatan kayo. 24 At inyong ipangilingin ang bagay na ito, na pinakautos sa iyo at sa iyong mga anak magpakailan man. 25 At mangyayaring pagdating ninyo sa lupain na ibibigay sa inyo ng PANGINOON, gaya ng kaniyang ipinangako, na inyong tutuparin ang paglilingkod na ito. 26 At mangyayaring, pagsasabi sa inyo ng inyong mga anak: Anong ibig ninyong sabihin sa paglilingkod na ito? 27 Na inyong sasabihing: Siyang paghahayin sa paskua ng PANGINOON, na kaniyang nilagpasan ang mga bahay ng mga anak ng Israel sa Egipto, ng kaniyang sugatan ang mga taga Egipto, at iniligtas ang aming mga bahay. At iniyukod ng bayan ang ulo at sumamba. 28 At ang mga anak ng Israel ay napa-roon at ginawang gayon; kung paanong iniutos ng PANGINOON kay Moises at kay Aaron, gayon ginawa nila.

29 At nangyari sa hating gabi, na sinugatan ng PANGINOON ang lahat ng pangnanay sa lupain ng Egipto, mula sa pangnanay ni Faraon na nakaloklok sa kaniyang loklokan, hangang sa pangnanay ng bilango na nasa bilangoan; at lahat ng pangnanay sa hayop. 30 At si Faraon ay nagbangon sa kinagabihan, siya at lahat ng kaniyang mga alipin, at lahat ng mga taga Egipto; at nagkaroon ng isang malaking hiyawan sa Egipto; sapagka't walang bahay na di mayroong isang patay. 31 At kaniyang tinawag si Moises at si Aaron sa kinagabihan, at sinabing: Kayo'y magbangon, umalis kayo sa gitna ng aking bayan, kayo at

gayon din ang mga anak ng Israel; at kayo'y yumaong maglingkod sa PANGINOON, gaya ng inyong sinabi. 32 Dalhin ninyo kapua ang inyong mga kawan at ang inyong mga bakahan, gaya ng inyong sinabi, at kayo'y yumaon; at pagpalain din naman ninyo ako. 33 At pinapagmamadali ng mga taga Egipto ang bayan, upang sila'y paalising madali sa lupain; sapagka't kanilang sinasabing: Kaming lahat ay patay na. 34 At dinala ng bayan ang kanilang harina bago humilab, na nababalot ang kanilang mga batia sa kanilang mga damit sa ibabaw ng kanilang mga balikat. 35 At ganiwa ng mga anak ng Israel ayon sa salita ni Moises; at sila'y humingi sa mga taga Egipto ng mga hiyas na pilak, at ng mga hiyas na ginto, at mga damit: 36 at binigyan ng PANGINOON ang bayan ng biyaya sa pangingin ng mga taga Egipto, ano pa't ibinigay nila ano mang kanilang hingin. At kanilang hinubaran ang mga taga Egipto.

37 At ang mga anak ng Israel ay naglakbay mula sa Rameses na patungo sa Sukot, na may anim na raang libong lalaki na naglakad, bukod pa ang mga anak. 38 At isang karamihang halohalo ay sumampa namang kasama nila; at mga kawan, at mga bakahan, napakaraming hayop. 39 At kanilang nilutong mga tortang walang lewadura ang harina na kanilang kinuha sa Egipto, sapagka't hindi pa humihilab; sapagka't sila'y itinaboy sa Egipto, at hindi sila nakatigil o nakapaghanda man ng ano mang mababao. 40 Ang pangangibang-bayan ng mga anak ng Israel, na ipinangibang-bayan nila sa Egipto, apat na raan at tatlong puong taon. 41 At nangyari sa katapusan ng apat na raan at tatlong puong taon, sa araw ding yaon ay nangyari, na ang lahat ng hukbo ng PANGINOON ay umalis sa lupain ng Egipto. 42 Ito ay isang gabing pangangilingin sa PANGINOON dahil sa pagkuha niya sa kanila sa lupain ng Egipto; ito ay yaong gabi ng PANGINOON na ipinangilingin ng mga anak ng Israel sa boong panahon ng kanilang lahi.

43 At sinabi ng PANGINOON kay Moises at kay Aaron: Ito ang palatuntunan sa paskua: walang ano mang taga-ibang lupa na kakain noon: 44 datapua't ang alipin ng bawa't lalaki na nabili ng salapi, pagkatuli sa kaniya'y makakakain nga

siya noon. **45** Ang mangingilang-bayan at ang aliping binabayaran ay hindi kakain noon. **46** Sa isang bahay kakainin; huag kayong kukuha ng laman sa labas ng bahay, o sisra man ng isang buto noon. **47** Ipangilingin ng boong kapuluhan ng Israel. **48** At pagka ang isang taga-ibang lupa ay mangingibang-bayang kasama mo, at mangingilin ng paskua sa PANGINOON, lahat ng kaniyang mga lalaki ay tuluin, at kung magkagayo'y lumapit siya at kaniyang ipangilingin, at siya'y magiging parang ipinanganak sa lupain ninyo: datapua't sino mang dituli ay hindi makakakain noon. **49** Isang kautusan magkakaroon sa mga sa inyong kalahi, at sa taga-ibang lupa na mangingibang-bayan na kasama ninyo. **50** Gayon ginawa ng lahat ng anak ng Israel; kung paanong iniutos ng PANGINOON kay Moises at kay Aaron, gayon nila ginawa. **51** At nangyari ng araw ding yaon, na kinuha ng PANGINOON ang mga anak ng Israel sa lupaing Egipto, ayon sa kanilang mga hukbo.

**13** At ang PANGINOON ay nagsulita kay Moises, na sinabing: **2** Papaging santohin mo sa akin ang lahat ng panganay, ano mang nagbubukas ng bahay-bata sa mga anak ng Israel; maging sa tawo at maging sa hayop ay akin.

**3** At sinabi ni Moises sa bayang: Alalahanin ninyo ang araw na ito na inialis ninyo sa Egipto, sa bahay ng pagkaalipin; sapagka't sa pamamag-itan ng kapangyarihan ng kamay ay kinuha kayo ng PANGINOON sa lugar na ito: wala sino mang kakain ng tinapay na walang lewadura. **4** Sa araw na ito ay umaalis kayo ng buan ng Abib. **5** At mangyayari, na pagkadala sa iyo ng PANGINOON sa lupain ng Kananeo, at ng Heteo, at ng Amorreo, at ng Heveo, at ng Jebuseo, na kaniyang isinumpa sa inyong mga magulang, na ibibigay sa iyo, na lupang binubukalan ng gatas at pulot, na iyong ipangilingin ang paglilingkod na ito sa buang ito. **6** Pitong araw na kakain ka ng tinapay na walang lewadura, at sa ikapitong araw ay magiging isang kapistahan sa PANGINOON. **7** Tinapay na walang lewadura ang kakain sa loob ng pitong araw; at huag makakakita sa iyo ng tinapay na may lewadura, o makakakita man ng lewadura sa iyo, sa lahat ng iyong hanganan. **8** At sasaysayin mo sa iyong anak sa araw na yaon, na iyong sasabihing: Ay dahil sa ginawa ng PANGINOON sa akin ng ako'y

umalis sa Egipto. **9** At sa iyo'y magiging pinakatanda sa iyong kamay, at pinakalaala sa iyong mga mata, upang ang kautusan ng PANGINOON ay sumaiyong bibig: sapagka't sa pamamag-itan ng malakas na kamay, inalis ka ng PANGINOON sa Egipto. **10** Ingatan mo nga ang palatuntunang ito sa kaniyang kapanahunan taon-taon.

**11** At mangyayari, pagkadala sa iyo ng PANGINOON sa lupain ng Kananeo, gaya ng isinumpa sa iyo at sa iyong mga magulang, at ibibigay sa iyo, **12** ihihawalay mo para sa PANGINOON yaon lahat na nagbubukas ng bahay-bata at lahat ng panganay na mayroon ka na mula sa hayop; ang mga lalaki, ay sa PANGINOON. **13** At lahat ng panganay sa asno ay tutubusin ng isang cordero; at kung hindi mo tutubusin, ay iyo ngang babaliin ang kaniyang batok: at lahat ng panganay na lalaki sa iyong mga anak ay iyong tutubusin. **14** At mangyayari, na pagtatanong sa iyo ng iyong anak sa panahong darating, na sasabihing: ;Ano ito? na iyong sasabihin sa kaniyang: Sa pamamag-itan ng lakas ng kamay ay kinuha tayo ng PANGINOON sa Egipto sa bahay ng pagkaalipin: **15** at nangyari, ng magmatigas si Faraong hindi kami tulutang yumaon, na pinatay ng PANGINOON ang lahat ng panganay sa lupain ng Egipto, ang panganay ng tawo at gayon din ang panganay ng hayop: kaya't aking inihahayin sa PANGINOON ang lahat ng nagbubukas ng bahay-bata na mga lalaki; nguni't lahat ng panganay ng aking mga anak ay aking tinutubos. **16** At magiging pinakatanda sa iyong kamay, at pinakalaala sa iyong mga mata: sapagka't sapamamag-itan ng lakas ng kamay ay kinuha tayo ng PANGINOON sa Egipto.

**17** At nangyari, ng tulutan ni Faraong ang bayan ay yumaon, na hindi sila pinatnubayan ng Dios sa daang *patungo* sa lupain ng mga Filisteo, bago man malapit; sapagka't sinabi ng Dios: Baka sakaling ang bayan ay magsisi pagkakita ng pagbabaka, at magsipagbalik sa Egipto: **18** kungdi pinatnubayan ng Dios ang bayan sa palibot, sa daang *patungo* sa ilang sa tabi ng Dagat na Mapula: at ang mga anak ng Israel ay sumampang may saktat mula sa lupain ng Egipto. **19** At dinala ni Moises ang mga buto ni Jose: sapagka't kaniyang ipinanumpang mahigpit sa mga anak ng Israel, na sinabing:

Tunay na dadalwin kayo ng Dios; at inyong isasampa ang aking mga buto mula rito na kasama ninyo. **20** At sila'y naglakbay mula sa Sukot, at nagpahinga sa Etam, sa hanganan ng ilang. **21** At ang PANGINOON ay nagpapauna sa kanila sa araw, sa isang haliging alapaap, upang patnubayan sila sa daan; at sa gabi, sa isang haliging apoy, upang tanglawan sila; upang sila'y makapaglakad sa araw at sa gabi. **22** Ang haliging alapaap sa araw at ang haliging apoy sa gabi ay hindi humiliwalay sa harap ng bayan.

**14** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na sinabi: **2** Salitain mo sa mga anak ng Israel, na sila'y magbalik at magpahinga, sa tapat ng Pi-hahiroh, sa pag-itan ng Migdol at ng dagat, sa tapat ng Baalzefon; sa tapat magpapahinga kayo, sa tabi ng dagat. **3** At sasabihin ni Faraon tungkol sa mga anak ng Israel: Nangasisilo sila sa lupain; sila'y nakukulong ng ilang. **4** At aking patitigasin ang puso ni Faraon, at kaniyang hahabulin sila; at ako'y magpapakalualhati kay Faraon, at sa lahat niyang hukbo; at makikilala ng mga taga Egipto, na ako ang PANGINOON. At kanilang ginawang gayon. **5** At sinabi sa hari sa Egipto, na ang bayan ay tumakas: at ang puso ni Faraon at ng kaniyang mga alipin ay nagbago tungkol sa bayan, at kanilang sinasabing: Ano itong ating ginawa, na ating tinulutan ang Israel, upang huag na tayong mapaglingkoran? **6** At inihanda ni Faraon ang kaniyang karro, at kaniyang ipinagsama ang kaniyang bayan: **7** at siya'y nagdala ng amin na raang mga piling karro, at lahat ng karro sa Egipto, at mga kapitan na namumuno sa kanila. **8** At pinatigas ng PANGINOON ang puso ni Faraon na hari sa Egipto, at hinabol niya ang mga anak ng Israel; sapagka't ang mga anak ng Israel ay nagsalis na may kamay na nakataas. **9** At hinabol sila ng mga taga Egipto, lahat ng mga kabayo at ng mga karro ni Faraon, at ng kaniyang mga tawong nangangabayo, at ng kaniyang kawal, at inabutan sila na nagpapahinga sa tabi ng dagat, na nasa siping ng Pi-hahiroh, sa tapat ng Baalzefon. **10** At ng si Faraon ay nalalapat, idinilat ng mga anak ng Israel ang kanilang mga mata, at, narito, ang mga taga Egipto ay sumusunod sa kanila; at sila'y natakot na mainam: at ang mga anak ng Israel ay humibik sa PANGINOON. **11** At kanilang sinabi kay Moises: ;Dahil

baga sa walang mga libingan sa Egipto, dinala mo kami rito upang mamatay sa ilang? ;Bakit ka gumawa ng ganito sa amin, na inilabas mo kami sa Egipto? **12** ;Di baga ito ang wikang sinasalita namin sa iyo sa Egipto, na aming sinabing: Pabayaan mo kami upang makapaglingkod sa mga taga Egipto.? Sapagka't mabuti sa amin ang maglingkod sa mga taga Egipto kay sa kami ay mamatay sa ilang. **13** At sinabi ni Moises sa bayan: Huag kayong matakot, magpakatibay kayo, at tingnan ninyo ang pagligtas ng PANGINOON na gagawin sa inyo ngayon: sapagka't ang mga taga Egipto na inyong nakikita ngayon, hindi na ninyo ule makikita magpakailan man. **14** Ibabaka kayo ng PANGINOON, at kayo'y tatahimik.

**15** At sinabi ng PANGINOON kay Moises: ;Bakit humihibik ka sa akin? ;salitain mo sa mga anak ng Israel na sila'y yumamong magpatuloy! **16** At itaas mo ang iyong tungkod, at iunat mo ang iyong kamay sa ibabaw ng dagat, at hatiin mo: at ang mga anak ng Israel ay dadaan sa gitna ng dagat sa ibabaw ng lupang tuyo. **17** At ako, narito, aking pinatitigas ang puso ng mga taga Egipto, upang sila'y sundan: at ako'y magpapakarangal kay Faraon, at sa boo niyang hukbo, sa kaniyang mga karro, at sa kaniyang mga nangangabayo. **18** At makikilala ng mga taga Egipto na ako ang PANGINOON pagka ako ay nakapagpakarangal na kay Faraon, sa kaniyang mga karro, at sa kaniyang mga nangangabayo. **19** At ang angel ng Dios na nagpapauna sa hukbo ng Israel, ay humiwalay at napasa hulihan nila: at ang haliging alapaap ay humiwalay sa harap nila at lumagay sa likod nila: **20** at lumagay sa pag-itan ng hukbo ng Egipto at ng hukbo ng Israel: at mayroong alapaap at kadliliman, gayon ma'y binigyan sila ng liwanag sa gabi at ang isa't isa ay hindi nagkalapit sa boong gabi. **21** At iniumat ni Moises ang kaniyang kamay sa ibabaw ng dagat; at pinaghiwalay ng PANGINOON ang dagat sa pamamag-itan ng isang malakas na hanging silanganan ng boong gabi, at ang dagat ay pinapaging tuyong lupa, at ang mga tubig ay nahati. **22** At ang mga anak ng Israel ay pumasok sa gitna ng dagat sa ibabaw ng tuyong lupa: at ang tubig ay sa kanila'y naging isang kuta, sa kanilang kanan at sa kanilang kaliwa. **23** At hinabol ng mga taga Egipto, at nagsipasok na kasunod nila sa

gitna ng dagat, lahat ng kabayo ni Faraon, and kaniyang mga karro, at ang kaniyang mga nangangabayo. **24** At nangyari, sa pagbabantay sa kinaumagahan, na minasdan ng PANGINOON ang hukbo ng mga taga Egipto, sa gitna ng haliging apoy at alapaap, at niligalig ang hukbo ng mga taga Egipto. **25** At inalisan ng gulong ang kanilang mga karro, na ano pa't kanilang hinihila ng boong hirap, na ano pa't sinabi ng mga taga Egiptong: Tumakas tayo sa harap ng Israel; sapagka't ibinabaka sila ng PANGINOON laban sa mga taga Egipto.

**26** At sinabi ng PANGINOON kay Moises: Iunat mo ang iyong kamay sa dagat, upang ang tubig ay magbalik sa mga taga Egipto, sa kanilang mga karro, at sa kanilang mga nangangabayo. **27** At iniunat ni Moises ang kaniyang kamay sa dagat, at ang dagat ay nagsaule sa kaniyang dating agos, ng umumaga; at ang mga taga Egipto ay nagsitakas; at nilaginlin ng PANGINOON ang mga taga Egipto sa gitna ng dagat. **28** At ang mga tubig ay nagsaule, at tinakpan ang mga karro, at ang mga nangangabayo, ang boong hukbo ni Faraong pumasok na sumunod sa kanila sa dagat; walang natira kahit isa sa kanila. **29** Datapua't ang mga anak ng Israel ay lumakad sa tuyong lupa sa gitna ng dagat; at ang tubig ay sa kanila'y isang kuta sa kanilang kanan at sa kanilang kaliwa. **30** Ganito iniligtas ng PANGINOON ang Israel ng araw na yon sa kamay ng mga taga Egipto; at nakita ng Israel ang mga taga Egipto na mga patay sa tabi ng dagat. **31** At nakita ng Israel ang dakilang gawa, na ginawa ng PANGINOON sa mga taga Egipto, at ang bayan ay natakot sa PANGINOON; at sila'y sumampalata sa PANGINOON at sa kaniyang lingkod na si Moises.

**15** Ng magkagayo'y inawit ni Moises at ng mga anak ng Israel ang awit na ito sa PANGINOON, at sinalita, na sinabing:

Ako'y awit sa PANGINOON, sapagka't siya'y nagtagumpay ng kalualhatian:

Ang kabayo at ang sakay noon ay kaniyang itinulak sa dagat.

**2** Ang PANGINOON ay aking lakas at awit,

At siya'y naging aking kaligtasan:

Ito'y aking Dios, at siya'y aking purihin;

Dios ng aking ama, at siya'y aking dadakilain.

**3** Ang PANGINOON'y isang lalaking pang-beka;

PANGINOON ang kaniyang pangalan.

**4** Ang mga karro ni Faraon at ang kaniyang hukbo ay itinulak niya sa dagat.

At ang kaniyang mga piling kapitan ay mga inilubog sa Dagat na Mapula.

**5** Ang mga kalaliman ang tumatakip sa kanila;

Sila'y lumubog sa mga kalaliman, na parang isang bato.

**6** Ang iyong kanan, Oh PANGINOON, ay malualhati sa kapangyarihan.

Ang iyong kanan, Oh PANGINOON, nagpipirapiraso ng kaaway.

**7** At sa kalakhan ng iyong karilagan ay ibinubual mo yaong bumabangon laban sa iyo:

Iyong sinusugo ang iyong pag-iinit, nililipol silang parang kugon.

**8** At sa lilihip ng iyong ilong ang mga tubig ay nagtitipon;

Ang mga agos ay nagsitigil na parang isang buntun;

Ang mga kalaliman ay namuo sa puso ng dagat.

**9** Sinabi ng kaaway:

Aking hahabulin, aking aabutan, magbabahagi ako ng samsam.

Ang aking nasa ay masisiyahan sa kanila;

Aking bubunutin ang aking tabak, lilipulin sila ng aking kamay.

**10** Ikaw ay humilip ng iyong hangin; tinakpan sila ng dagat.

Sila'y inilubog na parang tinga sa mga makapangyarihang tubig.

**11** Sino ang gaya mo, Oh PANGINOON, sa mga dios?

Sino ang gaya mo, malualhati sa kasantosan,

Nakasisindak sa pagpuri, na gumagawa ng mga kababalaghan?

**12** Iyong iniunat ang iyong kanang kamay,

Nilamon sila ng lupa.

**13** Iyong pinapatnubayan sa iyong awa ang bayan na iyong timbos:

Sa iyong kalakasan ay iyong inilabhatid sa iyong santong tabanan.

**14** Naringig ng mga bayan: sila'y nanginnginig:

Mga sakit ang kumapit sa mga taga Filistia.

15 Ng magkagayo'y ang mga pangulo sa Edom ay natulig;

Ang mga matatapang sa Moab, panginangining ang sumasakanila:

Lahat ng taga Kanaan ay nauubos.

16 Sindak at gulat ang sumasakanila;

Sa kadakilaan ng iyong brazo ay nagiging walang kibo na parang bato;

Hangang sa ang iyong bayan ay makaraan, Oh PANGINOON,

Hangang sa makaraan ang bayang ito na iyong kinamtan.

17 Sila'y iyong papapasukin, at sila'y iyong itataunin sa bunodk ng iyong mana,

Ang lugar, Oh PANGINOON, na iyong ginawa para sa iyo, upang iyong tahanan,

Ang Santuario, oh PANGINOON, na itinatang ng iyong mga kamay.

18 Ang PANGINOON ay maghahari magpakailan man.

19 Sapagka't ang mga kabayo ni Faraon, ay nagsipasok sampuo ng kaniyang mga karro at sampuo ng kaniyang mga nanangabayo sa dagat, at pinapagbalik ng PANGINOON ang mga tubig ng dagat sa kanila; datapu't lumakad ang mga anak ng Israel sa tuyong lupa sa gitna ng dagat. 20 At si Maria na profetisa na kapatid ni Aaron, ay tumangan ng isang pandereta sa kaniyang kamay; at sumunod ang lahat ng mga babaye sa kaniya, na may mga pandereta at mga sumasayaw. 21 At sila'y sinasagot ni Maria:

Umawit kayo sa PANGINOON, sapagka't sila'y nagtagumpay ng kaulalhatian;

Ang kabayo at ang sakay noon ay itinulak sa dagat.

22 At pinatnubayan ni Moises ang Israel mula sa Dagat na Mapula, at sila'y lumabas sa ilang ng Shur; at sila'y lumakad na tatlong araw sa ilang, at hindi nakasumpong ng tubig. 23 At ng sila'y dumating sa Mara, hindi sila nakainom ng tubig sa Mara, sapagka't mapait: kaya't ang pangalang itinawag ay Mara. 24 At ang bayan ay tumakap laban kay Moises, na sinabing: ¿Anong aming inomin? 25 At siya'y humiyaw sa PANGINOON; at pinagpakitaan siya ng PANGINOON ng isang puno ng kahoy, at inihagis sa mga tubig, at ang mga tubig ay tumamis. Doon inatangan niya ng palatuntunan, at ng ayos, at doon sila tinikman niya; 26 at sinabing: Kung

iyong didingin ng boong ingat ang voces ng PANGINOON iyong Dios, at iyong gagawin ang matuid sa kaniyang mga mata, at iyong didingin ang kaniyang mga utos, at iyong tutuparin ang lahat niyang kautusan, ay wala akong ilalagay na karamdaman sa iyo, na gaya ng inilagay ko sa mga taga Egipto: sapagka't ako ang PANGINOON na gumagamot sa iyo.

27 At sila'y dumating sa Elim, na doo'y mayroong labingdalawang bukal na tubig, at pitongpuong puno ng palma: at sila'y nagtayo ng kamento doon sa tabi ng mga tubig.

16 At sila'y naglakbay mula sa Elim, at ang boong kapulungan ng mga anak ng Israel ay dumating sa ilang ng Sin, na nasa pag-itan ng Elim at Sinai, ng ikalabing-limang araw ng ikalawang buan, pagkatapos na sila'y makaalis sa lupain ng Egipto. 2 At ang boong kapulungan ng mga anak ng Israel ay tumakap laban kay Moises at kay Aaron sa ilang: 3 at ang mga anak ng Israel ay nagsabi sa kanilang: Namatay na sana kami sa pamamag-itan ng kamay ng PANGINOON sa lupain ng Egipto, ng kami ay nauupo sa tabi ng mga paliok ng laman, ng kami ay kumakain ng tinapay hangang sa mabusog, sapagka't kami ay inyong dinala sa ilang na ito, upang patayin ang boong kapisanang ito ng gutom. 4 Ng magkagayo'y sinabi ng PANGINOON kay Moises: Narito, kayo'y aking pauulanan ng pagkain mula sa langit; at lalabasin at pupulutin ng bayan araw-araw ang bahagi ng baw't araw; upang aking matikman sila, kung sila'y lalakad ng ayos sa aking kautusan, o hindi. 5 At mangyayari sa ikanim na araw, na sila'y maghahanda ng kanilang dinadala, na makalawa ng kanilang pinupulot sa araw-araw. 6 At sinabi ni Moises at ni Aaron sa lahat ng anak ng Israel: Sa kinahapunan, inyong makikilala, na ang PANGINOON ay sayong kumuha sa inyo sa lupain ng Egipto: 7 at sa kinamagahan, inyo ngang makikita ang kaulalhatian ng PANGINOON; sapagka't kaniyang naririnig ang inyong mga takap laban sa PANGINOON: at ¿ano kami, na kayo'y tumatakap laban sa amin? 8 At si Moises ay nagsabing: Ito'y mangyayari, pagbibigay ng PANGINOON sa inyo sa kinahapunan ng laman na makakain, at sa kinamagahan ng pagkain na makabusog; sapagka't naririnig ng PANGINOON ang inyong mga takap na inyong itinatakap laban sa kaniya: ¿at

ano kami? ang inyong mga takap ay hindi laban sa amin, kungdi laban sa PANGINOON. 9 At sinabi ni Moises kay Aaron: sabihin mo sa boong kapulungan ng mga anak ng Israel: Lumapit kayo sa harap ng PANGINOON; sapagka't kaniyang narinig ang inyong mga takap. 10 At nangyari, pagkapagsalita ni Aaron sa boong kapulungan ng mga anak ng Israel, na sila'y lumingen sa ilang, at, narito, ang kalualhatian ng PANGINOON ay lumitaw sa alapaap. 11 At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na sinabing: 12 Sa kinahapunan ay kakain kayo ng laman, at sa kinaumagahan, kayo'y magpapakabuseg ng pagkain; at inyong makikilala na ako ang PANGINOONG inyong Dios. 13 At nangyari sa kinahapunan, ang mga pugo ay nagsiahon at tinakpan ang kampo; at sa kinaumagahan, ang hamog ay nalalagat sa palibot ng kampo. 14 At ng ang hamog na nalalagat ay paitas na, narito, nasa balat ng ilang ang munting bagay na mabilog at munti na gaya ng hamog sa ibabaw ng lupa. 15 At ng makita ng mga anak ng Israel, nangag-sabihan ang isa't isa: ?Ano ito? sapagka't hindi nila nalalaman kung ano yon. At sinabi ni Moises sa kanilang: Ito ang pagkain na ibinigay ng PANGINOON sa inyo upang kanin. 16 Ito ang bagay na iniutos ng PANGINOON: Pumulot ang baw't tawo ayon sa kaniyang kain; isang omer sa baw't ulo, ayon sa bilang ng inyong mga tawo kukunin ng baw't tawo para sa mga nasa kaniyang dampa. 17 At gayon ginawa ng mga anak ng Israel, at namulot ang iba ng marami, at ang iba'y kaunti. 18 At ng timbangin sa omer, ang namulot ng marami ay walang higit, at ang namulot ng kaunti ay hindi nagkulang; baw't tawo ay pumulot ng ayon sa kaniyang kain. 19 At sinabi ni Moises sa kanilang: Huag magtira ang sino man ng hangang sa umaga, 20 Gayon ma'y hindi sila nakinig kay Moises; kungdi ang iba sa kanila ay nagtira hangang sa umaga, at inuod at bumaho: at nag-init sa kanila si Moises. 21 At sila'y namumulot tuig umaga, baw't tawo ayon sa kaniyang kain: at pagka ang araw ay umiinit na, ay natutunaw. 22 At nangyari, na ng ikanin na araw, sila'y pumulot ng pagkain na makalawa ang dami, dalawang omer sa baw't isa: at lahat ng puno sa kapulungan ay naparoon at nagsaysay kay Moises. 23 At kaniyang sinabi sa kanilang: Ito ang sinalita ng PANGI-

NOON: Bukas ay dakilang kapahingahan, santong sabado sa PANGINOON: ihawin ninyo ang inyong ihawin, at lutuin ninyo ang inyong lututuin; at lahat na lalabis ay ihawalay ninyo para sa inyo, na inyong itago hangang sa kinabukasan. 24 At kanilang ibiniwalay hangang sa kinaumagahan, gaya ng iniutos ni Moises: at hindi bumaho, o nagkaroon man ng ano mang uod. 25 At sinabi ni Moises: Kanin ninyo yaon ngayon; sapagka't ngayo'y sabado, na ipinanginilitin sa PANGINOON: ngayo'y hindi kayo makakasumpung sa parang. 26 Anim na araw na inyong pupulutin; datapua't sa ikapitong araw ay sabado, hindi magkakaroon. 27 At nangyari sa ikapitong araw, na lumabas ang iba sa bayan upang mamulot, at walang nasumpungan. 28 At sinabi ng PANGINOON kay Moises: ?Hangang kailan tatangihan ninyong tuarin ang aking mga utos at ang aking mga kautusan? 29 Tingnan ninyo, sapagka't ibinigay ng PANGINOON sa inyo ang sabado, kaya't kaniyang ibinibigay sa inyo sa ikanin na araw ang pagkain ng sa dalawang araw; matira ang baw't tawo sa kaniyang kinalalagian, huag umalis ang sino man sa kaniyang kinalalagian, sa ikapitong araw. 30 Kaya ang bayan ay nagpahinga sa ikapitong araw. 31 At pinanganlan ng labay ng Israel, na Mana; at kaparis ng buto ng cilantro, maputi; at ang lasa noon ay kalasa ng bischocho na may pulot. 32 At sinabi ni Moises: Ito ang bagay na iniutos ng PANGINOON: Punuin ninyo ang isang omer ng mana, na inyong ingatan sa boong panahon ng inyong lahi; upang kanilang makita ang pagkain, na aking ipinakain sa inyo sa ilang ng kayo'y aking ilabas sa lupain ng Egipto. 33 At sinabi ni Moises kay Aaron na: Kumuha ka ng isang banga at sidlan mo ng isang omer na puno ng mana, at ilagay mo sa harap ng PANGINOON, upang maingatan sa boong panahon ng inyong lahi. 34 Kung paanong iniutos ng PANGINOON kay Moises, gayon inilagay ni Aaron sa harap ng Patotoo upang ingatan. 35 At ang mga anak ng Israel ay kumain ng mana na apat na puong taon, hangang sa sila'y dumating sa lupain tinatahanan; sila'y kumain ng mana hangang sa sila'y dumating sa mga luuganan ng lupain ng Kanaan. 36 Ang isang omer nga ay ikasampung bahagi ng isang efa.

17 At ang boong kapulungan ng mga anak ng Israel ay naglakbay mula



sa ilang ng Sin, sa kanilang paglalakbay, ayon sa utos ng PANGINOON, at nagpahinga sa Refdim: at walang tubig ang bayan na mainom. **2** Kaya't ang bayan ay nakipagtalo kay Moises, at nagsabing: Bigyan mo kami ng tubig na aming mainom. At sinabi ni Moises sa kaniyang: *¿Bakit kayo nakikipagtalo sa akin? ¿bakit ninyo tinutukso ang PANGINOON?* **3** At ang bayan ay nauhaw doon sa *kakulanngan ng tubig*; at ang bayan ay tumakap laban kay Moises, at nagsabing: *¿Bakit mo kami isinampa rito mula sa Egipto, upang patayin mo kami, at ang aming mga anak, at ang aming kawan, sa uhaw?* **4** At si Moises ay humiyaw sa PANGINOON, na sinabing: *¿Anong aking gagawin sa bayang ito,? kulang na lamang batuhin nila ako.* **5** At sinabi ng PANGINOON kay Moises: Dumaan ka sa harap ng bayan, at ipagsama mo ang mga matanda sa Israel; at ang iyong tungkod na iyong isinugat sa ilog, tangnan mo sa iyong kamay, at yumaon ka. **6** Narito, ako'y tatayo sa harap mo doon sa ibabaw ng bato sa Horeb; at iyong susugatan ang bato, at lalabasan ng tubig, upang ang bayan ay makainom. At gayon ginawa ni Moises sa paningn ng mga matanda sa Israel. **7** At pinanganlan nila ang lugar, na Masa at Meriba, dahil sa pakikipagtalo ng mga anak ng Israel, at dahil sa kanilang tinukso ang PANGINOON, na kanilang sinabing: *¿Ang PANGINOON ba'y nasa gitna natin, o wala?* **8** Ng magkagayo'y dumating ang Amalek, at bumaka sa Israel sa Refdim. **9** At sinabi ni Moises kay Josue: Ipili mo tayo ng mga lalaki, at ikaw ay lumabas, bumaka ka sa Amalek: *Bukas ako'y tatayo sa taluktok ng burol, na aking tangan ang tungkod ng Dios sa aking kamay.* **10** Gayon ginawa ni Josue, gaya ng sinabi ni Moises sa kaniya, at bumaka sa Amalek: at si Moises, si Aaron at si Hur ay sumampa sa taluktok ng burol. **11** At nangyari, pagka itinataas ni Moises ang kaniyang kamay, ay nananaig ang Israel: at pagka kaniyang ibinababa ang kaniyang kamay, nananaig ang Amalek. **12** Datapna't ang mga kamay ni Moises ay nangalay; at sila'y kumuha ng isang bato, at inilagay sa ibaba, at kaniyang inupan; at inaalalayan ni Aaron at ni Hur ang kaniyang mga kamay, ang isa'y sa isang dako, at ang isa'y sa kabilang dako; at ang kaniyang mga kamay ay nalagi sa itaas hangang sa paglubog ng

araw. **13** At nilansag ni Josue ang Amalek at ang kaniyang bayan, sa pamamagitan ng talim ng tabak. **14** At sinabi ng PANGINOON kay Moises: *Isulat mo ito na pinakaalaala, sa isang libro, at ipagbigay-alam mo kay Josue: na aking ipalimot ang alaala ni Amalek mula sa ilalim ng langit.* **15** At nagtayo si Moises ng isang altar, at pinanganlang Jehovanissi: **16** at kaniyang sinabing: *Sinumpa ng PANGINOON: Ang PANGINOON ay magkakaroon ng pakikipagbaka sa Amalek sa boong panahon ng lahi niya.*

**18** Si Jetro nga, sacerdote sa Madian, bianan ni Moises, ay nakabalita ng lahat na ginawa ng Dios kay Moises, at sa Israel na kaniyang bayan, kung paanong kinuha ng PANGINOON ang Israel sa Egipto. **2** At si Jetro, bianan ni Moises, ipinagsama si Zipora, asawa ni Moises (pagkatapos na kaniyang maipadala sa *kaniyang ama*), **3** at ang dalawa niyang anak na lalaki; na ang pangalan ng isa'y Gerson; sapagka't sinabi ni Moises: *ako'y naging mangingibang-bayan sa ibang lupain:* **4** at ang pangalan ng isa'y Eliezer; sapagka't *kaniyang sinabing: Ang Dios ng aking ama'y naging aking saklolo, at ako'y iniligtas sa tabak ni Faraon:* **5** at si Jetro, bianan ni Moises, dumating na kasama ang kaniyang mga anak at ang kaniyang asawa, kay Moises sa ilang na kaniyang pinagtayuan ng kampamento, sa tabi ng bundok ng Dios: **6** at kaniyang ipinasabi kay Moises. Akong iyong bianang si Jetro ay naparito sa iyo, at ang iyong asawa, at ang kaniyang dalawang anak na kasama niya. **7** At si Moises ay lumabas na sinalubong ang kaniyang bianan, at siya'y kaniyang niyukuran at hinalikan. At sila'y nagtanungan isa't isa ng kanilang kalagayan; at sila'y pumasok sa dampa. **8** At isinaysay ni Moises sa kaniyang bianan ang lahat ng ginawa ng PANGINOON kay Faraon at sa mga taga Egipto dahil sa Israel, ang boong hirap na kanilang nananasan sa daan, at kung paanong iniligtas ng PANGINOON sila. **9** At nagalak si Jetro dahil sa boong kabutihang ginawa ng PANGINOON sa Israel, na iniligtas sila sa kamay ng mga taga Egipto. **10** At sinabi ni Jetro: Purihin ang PANGINOON, na nagligtas sa inyo, sa kamay ng mga taga Egipto, at sa kamay ni Faraon; na siyang nagligtas sa bayan sa kamay ng mga taga Egipto. **11** Ngayo'y aking nakilala, na ang PAN-

NOON ay malaki kay sa lahat ng mga dios: oo, sa bagay na ang mga taga Egipto ipinagpapalalo laban sa mga Hebreo. 12 At si Jetro, binaan ni Moises, kumuha ng landog na susunugin at mga hayin para sa Dios: at si Aaron ay napaaroon, at ang lahat ng matanda sa Israel, upang kumain ng tinapay na kasalo ng binaan ni Moises sa harap ng Dios. 13 At nangyari sa kinabukasan, na lumoklok si Moises upang hatulan ang bayan: at ang bayan ay tumayo sa palibot ni Moises mula sa umaga hangang sa hapon. 14 At ng makita ng binaan ni Moises ang lahat ng kaniyang ginagawa sa bayan, nagsabing: ¿Anong bagay itong ginagawa mo sa bayan? ¿bakit ikaw ang nauupo na mag-isa, at ang boong bayan ay nakatayo sa palibot mo mula sa umaga hangang sa hapon? 15 At sinabi ni Moises sa kaniyang binaanang: Sapagka't ang bayan ay lumalapit sa akin, upang sumanguni sa Dios: 16 pagka sila'y may usap ay lumalapit sa akin; at aking hinahatulang isa't isa, at aking ipinakikilala sa kanila ang mga palatuntunan ng Dios, at ang kaniyang mga kautusan. 17 At ang binaan ni Moises ay nagsabi sa kaniyang: Ang bagay na iyong ginagawa ay hindi mabuti. 18 Tunay na ikaw ay manghihina, ikaw at ang bayang ito, na nasa-iyong: sapagka't ang bagay ay totoong mabigat sa iyo; hindi mo makakayang mag-isa. 19 Dingin mo ngayon ang aking voces; papayuhan kita, at ang Dios ay suma-iyong: Ikaw ang maging *tagapag-akay* sa bayan sa harap ng Dios, at dalhin mo ang mga usap sa Dios: 20 ituturo mo sa kanila ang mga palatuntunan, at ang mga kautusan, at ipakikilala mo sa kanila ang daang nararapat lakaran, at ang gagawing kanilang nararapat gawin. 21 Bukod dito'y hahanap ka sa boong bayan ng mga tawong bihasa, gaya ng matatakutin sa Dios, mga tawong mapagpatotoo, na mga napopoot sa kasakiman; at siyang mga ilagay mo sa kanila, upang maging mga puno ng mga lilibohin, mga puno ng mga dadaanin, mga puno ng mga lilimangpuin, at mga puno ng mga sasampuin: 22 at hatulan nila ang bayan sa boong panahon: at mangyayari, na baw't malaking usap ay dadalhin nila sa iyo, datapua't baw't munting usap, sila-sila ang maghahatulan: sa gayon ay magiging magaan sa iyo, at kanilang dadalhin ang pasan na katulong mo. 23 Kung gagawin mo ang bagay na ito, at utusan ka ng Dios na gayon, ay iyo ngang mababata,

at ang boong bayan namang ito yayaon sa kanilang lugar na payapa. 24 Sa gayon, dininig ni Moises ang kaniyang binaan, at ginawang lahat yaong sinabi. 25 At pumili si Moises ng mga lalaking bihasa sa boong Israel, at mga ginawa niyang pangulo sa bayan, mga puno ng lilibuhin, mga puno ng dadaanin, mga puno ng lilimangpuin, at mga puno ng sasampuin. 26 At kanilang hihatulan ang bayan sa boong panahon: ang mga mabibigat na usap ay kanilang dinadala kay Moises, datapua't baw't munting usap ay sila-sila ang naghahatulan. 27 At tinutulan ni Moises ang kaniyang binaan na umalis; at siya'y napasa kaniyang suriling lupain. 19 Sa ikatlong buan, pagkatapos na ang mga anak ng Israel ay makalis sa lupain ng Egipto, ng araw din yaon ay dumating sila sa ilang ng Sinai. 2 At ng sila'y umalis sa Refidim, at dumating sa ilang ng Sinai, sila'y nagtayo ng kampaemento sa ilang; at doo'y tumaban ang Israel sa harap ng bundok. 3 At si Moises ay lumapit sa Dios, at tinawag ng PANGINOON siya mula sa bundok, na sinabing: Ganito mo sasabihin sa bahay ng Jakob, at sasaysayin sa mga anak ng Israel: 4 Inyong nakita ang aking ginawa sa mga taga Egipto, at kung panong dinala ko kayo sa mga pakpak ng agila, at kayo'y inilapit ko sa akin din. 5 Kayo't ngayon, kung tunay na inyong susundin ang aking voces, at iingat ang aking tipan, kayo nga'y magiging isang tangging kayamanan sa akin, na kinuha sa lahat ng bayan; sapagka't ang boong lupa'y akin: 6 at kayo'y magiging isang kaharian ng mga sacerdote sa akin, at isang santang nasyon. Ito ang mga salita na inyong sasalitain sa mga anak ng Israel. 7 At dumating si Moises at tinawag ang mga matanda sa bayan, at ipinahayag sa harap nila ang lahat ng salitang ito na ini-utos ng PANGINOON sa kaniya. 8 At ang boong bayan ay sumagot na magkakaisa, at nagsabing: Yaong lahat na sinalita ng PANGINOON ay among gagawin. At inihatid ni Moises ang mga salita ng bayan sa PANGINOON. 9 At sinabi ng PANGINOON kay Moises: Narito, ako'y naparirito sa iyo sa isang salimoot na alapaap, upang marinig ng bayan pagka ako'y nagsasalita sa iyo, at paniwalaan ka rin naman nila magpakailan man. At sinalita ni Moises ang mga salita ng bayan sa PANGINOON. 10 At sinabi ng PANGINOON kay Moises: Pu-

maroon ka sa bayan, at papagsantohin mo sila ngayon at bukas, at labhan nila ang kanilang mga suot, **11** at humanda sa ikatlong araw: sapagka't sa ikatlong araw ay bababa ang PANGINOON sa pangingin ng boong bayan sa ibabaw ng bundok ng Sinai. **12** At lalagyan mo ng mga hanganan ang bayan sa palibot, na iyong sasabihing: Mag-ingat kayo, na kayo'y huag sumampa sa bundok, o tumuntong sa hanganan: sino mang sumalang sa bundok ay papatayin na walang pagsala: **13** Walang kamay na hi-hipo sa kaniya, kungdi, siya'y tunay na babatohin, o papanain; maging hayop o tawo ay hindi mabubuhay: Pagka ang pakakak ay tumunog ng maluat sila'y sasampa sa bundok. **14** At bumaba si Moises sa bayan mula sa bundok, at pina-pagsanto ang bayan, at sila'y naglaba ng kanilang mga suot. **15** At kaniyang sinabi sa bayan: Humanda kayo sa ikatlong araw: huag kayong sumiping sa babaye. **16** At nangyari ng ikatlong araw, ng umaga, na kumulog at kumidlat, at may isang salimoot na alapaap sa ibabaw ng bundok, at ang tunog ng pakakak ay napakalakas; at ang boong bayan na nasa kampamento ay nangingatal. **17** At inilabas ni Moises ang bayan sa kampamento upang salubunhin ang Dios; at sila'y tumigil sa paa ng bundok. **18** At ang boong bundok ng Sinai ay umusok, sapagka't ang PANGINOON bumaba sa ibabaw noon sa apoy: at ang usok noon ay napaailanglang na parang usok ng isang hurno; at ang boong bundok ay umuugang mainam. **19** At ng ang tunog ng pakakak ay lumalakas ng lumalakas, si Moises ay nagsasalita at sinasagot siya ng Dios sa pamamagitan ng voces. **20** At ang PANGINOON ay bumaba sa ibabaw ng bundok ng Sinai, sa taluktok ng bundok; at tinawag ng PANGINOON si Moises sa taluktok ng bundok; at si Moises ay sumampa. **21** At sinabi ng PANGINOON kay Moises: Bumaba ka, bilinan mo ang bayan, baka sila'y lumagpas upang makita ang PANGINOON, at karamihan sa kanila'y mamatay. **22** At gayon din ang mga sacerdote, na lumalapit sa PANGINOON, papagsantohin mo sila, baka ang PANGINOON ay hindi makapagpigil sa kanila. **23** At sinabi ni Moises sa PANGINOON: Ang baya'y hindi makasasampa sa bundok ng Sinai, sapagka't iyong pinagbilinan kami, na iyong sinabing: Lagyan mo ng mga hanganan sa

bundok, at iyong santohin. **24** At sinabi ng PANGINOON sa kaniyang: Yumaon ka, bumaba ka; at ikaw ay sasampa, ikaw at si Aaron na iyong kasama: ngunit ang mga sacerdote at ang bayan ay huag lumagpas sa mga hanganan upang lumapit sa PANGINOON, baka ang PANGINOON ay hindi makapagpigil sa kanila. **25** Sa gayo'y bumaba si Moises sa bayan, at isinaysay sa kanila.

**20** At sinalita ng Dios ang lahat ng salitang ito, na sinabing:

**2** Ako ang PANGINOONG iyong Dios, na kumuha sa iyo sa lupain ng Egipto, sa bahay ng pagkaalipin.

**3** Huag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko.

**4** Huag kang gagawa para sa iyo ng larawang hinichurahan, o ng kawangis man ng ano mang anyong nasa itaas sa langit, o ng nasa ibaba sa lupa, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa: **5** huag mong yuyukuran sila, o paglingkoran mau sila; sapagka't ako ang PANGINOONG iyong Dios, Dios na mapanibughuin, na aking dinadalaw ang kasaman ng mga magulang sa mga anak, hangang sa ikatlo at ikaapat na lahi ng mga napopoot sa akin; **6** at ako'y nagpapakita ng kaawaan sa mga libolibong umiibig sa akin at tumutupad ng aking mga utos.

**7** Huag mong gagamitin ang pangalan ng PANGINOONG iyong Dios sa walang kabuluhan; sapagka't hindi aariin ng PANGINOONG walang sala ang gumamit ng kaniyang pangalan sa walang kabuluhan.

**8** Alalahanin mo ang araw ng sabado upang ipangilin.

**9** Anim na araw na ikaw ay magtatrabajo, at iyong gagawin ang lahat ng iyong gagawin: **10** datapua't ang ikapitong araw ay sabado para sa PANGINOONG iyong Dios: sa araw na yaon, huag kang gagawa ng ano mang gagawin, ikaw, o ang iyong anak na lalaki man, o babaye man, ang iyong aliping lalaki, o babaye man, na nasa loob ng iyong mga pintoang-daan: **11** Sapagka't sa anim na araw ay ginawa ng PANGINOON ang langit at lupa, ang dagat, at lahat ng nandoon, at nagpahinga sa ikapitong araw: na ano pa't pinagpala ng PANGINOON ang araw ng sabado, at ipinangilin.

**12** Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina: upang ang iyong mga araw ay humaba sa ibabaw ng lupa, na ibinibigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios.

**13** Huag kang papatay.

**14** Huag kang magkakasala ng pangangalunya.

**15** Huag kang magnakaw.

**16** Huag kang magbibintang sa iyong kapua.

**17** Huag mong pagpangasawa ang babae ng iyong kapua, huag mong pagpangasawa ang asawa ng iyong kapua, o ang kaniyang aliping lalaki man, o babaye man, o ang kaniyang baka man, o ang kaniyang asno man, o ano mang bagay ng iyong kapua.

**18** At nakikita ng buong bayan ang mga kulog, at ang mga kidlat, at ang tunog ng pakakak at ang bundok na umuusk; at ng makita ng bayan, sila'y nangatal, at tumayo sa malayo. **19** At sinabi nila kay Moises: Salitain mo sa amin, at aming didingin: datapua't huag ang Dios ang magsalita sa amin, baka kami ay mamatay. **20** At sinabi ni Moises sa bayang: Huag kayong matakot: sapagka't ang Dios ay nararito upang subukin kayo, at upang ang takot sa kaniya ay sumaharap ninyo, upang huag kayong magkasala. **21** At ang bayan ay tumayo sa malayo, at si Moises ay lumapit sa salimoot na kadiliman na kinaroroonan ng Dios.

**22** At sinabi ng PANGINOON kay Moises: Ganito mo sasabihin sa mga anak ng Israel: Kayo ang nakakita na ako'y nakipag-usap sa inyo mula sa langit.

**23** Huag kayong gagawa ng ibang mga dios sa akin; ng mga dios na pilak, o ng mga dios na ginto, huag kayong gagawa para sa inyo. **24** Isang altar na lupa ang iyong gagawin sa akin, at iyong ihahayin doon ang iyong mga handog na susunugin, at ang iyong mga handog tungkol sa kapayapaan, ang iyong mga tupa, at ang iyong mga baka: sa lahat ng lugar na aking ipaalaala ang aking pangalan, paparoonan kita at pagpapalain kita. **25** At kung igagawa mo ako ng isang altar na bato, huag mong itatayong bato na hinichurahan: sapagka't kung iyong ginamit ang iyong patalim sa kaniya, ay iyong dinuhahan yaon. **26** At huag ka ring sasampag sa pamamagitan ng baitang sa aking altar, upang ang iyong kahubaran ay huag malitaw sa ibabaw noon.

**21** Ito nga ang mga hatol na itatagay mo sa harap nila. **2** Kung ikaw ay bumili ng isang aliping Hebreo, amin na taong maglilingkod siya; at sa ikapito ay aalis siyang laya na walang sauling bayad. **3** Kung siya'y nasok na mag-isa, ay aalis

na mag-isa: kung may asawa ay aalis nga ang kaniyang asawa na kasama niya.

**4** Kung siya'y binigyan ng kaniyang panginoon ng asawa, at nagkaanak sa kaniya ng mga lalaki, o mga babaye; ang asawa at ang kaniyang mga anak ay magiging sa kaniyang panginoon, at siya'y aalis na mag-isa. **5** Datapua't kung mapilit, na sabihin ng aliping: Aking ini-ibig ang aking panginoon, ang aking asawa, at ang aking mga anak; ako'y hindi aalis na laya: **6** Kung magkagayo'y dadalhin siya ng kaniyang panginoon sa Dios, at dadalhin siya sa pinto, o sa haligi ng pinto; at babutasan ng kaniyang panginoon ang kaniyang tanga ng isang lesna; at silya'y maglilingkod sa kaniya magpakailan man.

**7** At kung ipagbili ng isang lalaki ang kaniyang anak na babaye upang maging alipin, ay hindi siya aalis na gaya ng pag-alis ng mga aliping lalaki. **8** Kung siya'y hindi makapagpalugod sa kaniyang panginoon, na napakasal sa kaniya, ay ipatutubos nga niya siya: walang kapangyarihang ipagbili siya sa isang taga ibang lupa, yamang siya'y nadaya. **9** At kung ipinakasal niya sa kaniyang anak na lalaki, kaniyang aarilin siya ng ayon sa kaugalian sa mga anak na babaye.

**10** Kung siya'y mag-asawa sa iba, ang kaniyang pagkain, ang kaniyang damit at ang kaniyang kapangyarihang pagkasawa ay hindi niya babawasan. **11** At kung hindi niya gawin ang tatlong bagay na ito sa kaniyang aliping pinakasalan, siya'y aalis nga na walang sauling bayad, na walang tubos.

**12** Ang sumugat sa isang tawo, na ano pa't mamatay, papataying walang pagsala. **13** At kung hindi sinasadya ng isang tawo, kungdi Dios ang naghulog sa kaniyang kamay; kung gayo'y tatakdaan kita ng isang kalalagyan na kaniyang tatakdaan. **14** At kung ang isang tawo ay gumamit ng kasaman laban sa kaniyang kapua, na pinatay na may daya, aalisin mo siya sa aking altar, upang patayin.

**15** At ang sumugat sa kaniyang ama o sa kaniyang ina, ay papataying walang pagsala.

**16** At ang magnakaw ng isang tawo, at ipagbili, o masumpungan sa kaniyang kamay, papataying walang pagsala.

**17** At ang sumumpa sa kaniyang ama, o sa kaniyang ina, papataying walang pagsala.

**18** At kung ang dalawang tawo'y mag-

kagalit, at sugatan ng isang isa, ng bato, o ng kaniyang suntok, at hindi mamatay, nguni't mahiga sa banig: **19** Kung makabangon ule, at makalakad sa *tulong ng kaniyang tungkod*, yaong sumugat nga sa kaniya ay ligtas; pagbabayaran lamang niya ang panahong nasayang, at kaniyang pag-gugugulang gumaling na maigi.

**20** At kung sugatan ng isang tawo ang kaniyang aliping lalaki o babaye, ng tungkod, at mamatay sa kaniyang kamay; parurusahan siyang walang pagsala.

**21** Gayon ma'y kung tumagal ng isang araw o dalawa, hindi siya parurusahan: sapagka't siya'y kaniyang salapi.

**22** At kung dalawang lalaki ay magkagalit, at masaktan ang isang babayeng buntis, na ano pa't makunau, at gayon ma'y walang karamdamang sumunod, siya'y tunay na papagbabayaran, ayon sa iatang sa kaniya ng asawa ng babaye; at kaniyang pagbabayaran kung ano ang ipasiya ng mga hukom. **23** Datapua't kung may ano mang karamdamang sumunod, magbabayad ka nga ng buhay kung buhay, **24** mata kung mata, ngipin kung ngipin, kamay kung kamay, paa kung paa, **25** sunog kung sunog, sugat kung sugat, bugbog kung bugbog.

**26** At kung sugatan ng isang tawo ang mata ng kaniyang aliping lalaki, o ang mata ng kaniyang aliping babaye at masira, kaniyang tutulutang umalis na laya dahil sa kaniyang mata. **27** At kung kaniyang bungalan ang kaniyang aliping lalaki, o babaye, kaniyang tutulutang umalis na laya dahil sa kaniyang ngipin.

**28** At kung ang isang baka ay sumuag ng isang lalaki o ng isang babaye, na ano pa't mamamatay, ang baka ay babatuhing walang pagsala, at ang kaniyang lama'y hindi kakani; datapua't ang may-ari ng baka ay maligtas. **29** Datapua't kung ang baka ay dating manunuag sa panahong nakaraan, at naisumbong na sa may-ari at hindi niya kinulong, na ano pa't makamatay ng isang lalaki o ng isang babaye, ang baka ay babatuhin at ang may-ari rin ay papatayin. **30** Kung siya'y atangan ng katubusan, siya nga'y magbibigay ng katubusan sa kaniyang buhay ano mang iatang sa kaniya. **31** Maging nanuag sa isang anak na lalaki o babaye man, ayon sa kahatulang ito'y gagawin sa kaniya.

**32** Kung ang baka ay sumuag sa isang aliping lalaki o babaye, ang may-ari ay magbabayad ng tatlong puong siklong

pilak sa kanilang panginoon, at ang baka ay babatuhin.

**33** At kung ang isang tawo ay magbukas ng isang balon, o ang isang tawo ay hulukay ng isang balon at hindi tatakpan, at ang isang baka, o ang isang asno ay mahulog sa loob, **34** sasaulian ng may-ari ng balon; magbabayad siya ng salapi sa may-ari ng mga yaon, at ang patay na hayop ay magiging kaniya.

**35** At kung ang baka ng sino mau ay sumugat sa baka ng iba, na ano pa't mamatay; kanilang ipagbibili nga ang bakang buhay, at kanilang paghahatiin ang halaga noon; at ang patay ay paghahatiin din nila. **36** O kung kilala, na ang baka ay dating manunuag sa panahong nakaraan, at hindi kinulong ng may-ari; tunay ngang magbabayad siya, ng baka kung baka, at ang patay na hayop ay magiging kaniyang sarili.

**22** Kung ang isang lalaki ay magnakaw ng isang baka, o ng isang tupa, at patayin, o ipagbili; kaniyang pagbabayaran ng limang baka ang isang baka, at ng apat na tupa ang isang tupa. **2** Kung ang isang magnanakaw ay masumpungan, na naninira, at masugatan, na ano pa't namatay, *ang sumugat* ay hindi aaring mamamatay-tawo. **3** Kung sikatan siya ng araw, siya'y aaring mamamatay-tawo; siya'y dapat magsaula ng kabayaran: kung siya'y wala, ipagbibili siya dahil sa kaniyang pagnanakaw. **4** Kung ang ninakaw ay masumpungan buhay sa kaniyang kamay, maging baka, o asno, o tupa, ay magbabayad siya ng makalawa.

**5** Kung ang isang lalaki ay magpasabsab sa isang bukid, o sa isang ubasan, at pawalan ang kaniyang hayop at pasabsabin sa bukid ng iba; sa pinakamainam sa kaniyang sariling parang, at sa pinakamainam sa kaniyang sariling ubasan, sasaulian niya.

**6** Kung may magningas na apoy, at magtangay ng mga tinik, na ano pa't ang mga mandala, o ang mga uhay, o ang bukid ay masunog, yaong nagpuningas ng apoy ay tunay na magbabayad.

**7** Kung ang isang tawo ay magpatago sa kaniyang kapua ng salapi o pag-aari, at nakawin sa bahay ng tawong yaon; kung masumpungan ang magnanakaw, magbabayad ng makalawa. **8** Kung hindi masumpungan ang magnanakaw, ilalapat ang may-ari ng bahay sa Dios, *upang malaman* kung hindi niya pinakialaman ang pag-aari ng kaniyang kapua. **9** Sapagka't

lahat na bagay na pagsalansang, maging sa baka, sa asno, tupa, sa damit, o sa ano mang bagay na nawala, na may mag-a-bing: Ito nga *ay alin*; ang usap ng dalawa, dadalhin sa harap ng Dios; yaong parurusahan ng Dios ay magbabayad ng nakalawa sa kaniyang kapua.

10 Kung ang isang tawo ay maghabilin sa kaniyang kapua ng isang asno, o ng isang baka, o ng isang tupa, o ng ano mang hayop; at mamatay, o masugatan, o maagaw, na walang nakakakitang sino man: 11 ay pamamag-itanan ng pagsumpa sa PANGINOON silang dalawa, kung hindi niya pinakialaman ang pagaari ng kaniyang kapua; tatanggapin ng may-ari, at siya'y hindi magsasaule. 12 Datapua't kung kaniyang minakaw, sa kaniya ay sasaulian niya ang may-ari noon. 13 Kung nalapa, dadalhing pinakapatotoo, at hindi sasaulian sa paraang nalapa.

14 At kung ang isang tawo ay humiran ng ano man sa kaniyang kapua, at masugatan, o mamatay, na hindi kahirap ang may-ari, walang pagsala na siya'y magsasaule. 15 Kung ang may-ari noon ay kahirap, hindi niya sasaulian; kung isang bagay na pinaaupahan, ay ihuhulog sa kaniyang kaupahan.

16 At kung dayain ng isang lalaki ang isang dalaga, na hindi pa niya pinakakasalán, at kaniyang sipingan, tunay na kaniyang pagbabayaran ang dote upang maging asawa niya. 17 Kung itanging mainam ng kaniyang ama na ibigay sa kaniya, ay magbabayad siya ng salapi, ayon sa dote ng mga dalaga.

18 Huag mong babataling mabuhay ang isang babayeng mangagaway.

19 Sino mang makiapid sa isang hayop ay papataying walang pagsala.

20 Yaong maghayin sa ano mang dios, maliban sa PANGINOON lamang, ay lubos na ibubual. 21 At ang taga ibang-lupa ay huag mong duduhagin, o pipighatin man; sapagka't kayo'y naging taga ibang lupa sa lupain ng Egipto. 22 Huag mong papagdadalambatin ang sino mang bawo, o ulila. 23 Kung iyong dalam-hatin sila sa ano mang paraan, at sila'y humiyaw sa akin, walang pagsala, na aking didingin ang kanilang hiyaw; 24 at ang aking pag-iinit ay mag-ualab, at aking papatayin kayo ng tabak; at ang inyong mga asawa ay magiging mga bawo, at ang inyong mga anak ay mga ulila.

25 Kung magpautang ka ng salapi sa kanino man sa aking layang kasama mo

na dukha, huag kang magpapakamanunubo sa kaniya, o hihingan mo man siya ng tubo. 26 Kung iyong tangapin sa ano man ang damit ng iyong kapua na pina-kasaula, iyong isasaule sa kaniya sa paglubog ng araw; 27 sapagka't iyan ang kaniya lamang pangtakip, siyang kaniyang damit para sa kaniyang balat: ano ngang kaniyang ipangtutulog? at mang-yayari, pagka siya'y humiyaw sa akin, na aking didingin; sapagka't ako'y magpagbiyaya.

28 Huag mong lalaitin ang Dios, o susumpain man ang puno sa iyong bayan. 29 Huag kang magmamakupad ng paghahandog ng kasaganaan ng iyong mga bunga, at ng iyong mga inumin. Ang pangnanay sa iyong mga anak ay ibibigay mo sa akin. 30 Gayon din ang gagawin mo sa iyong mga baka, at sa iyong mga tupa: pitong araw na mapapa sa kaniyang ina; sa ikawalong araw ay ibibigay mo sa akin. 31 At kayo'y magpapakasantong tawo sa akin; kaya't huag kayong kakain ng ano mang laman, na nalapa ng ganid sa parang; inyong ihahagis sa mga aso.

23 Huag kang magkakatat ng di tunay na balita, huag makikipagkayari man sa masama, na maging saksi kang sinungaling. 2 Huag kang susunod sa karamihan upang gumawa ng masama; o magbibigay patotoo man sa isang usap, na ang kiling ay sa karamihan upang sirain ang matuid: 3 huag mo ring kikilingan ang dukha, sa kaniyang usap.

4 Kung iyong masumpungan ang baka ng iyong kaalit o ang kaniyang asno, na nakawala, tunay na ibabalik mo sa kaniya. 5 Kung iyong makita ang asno ng napopoot sa iyo, na nakalugmok sa ilalim ng kaniyang pasan, at ibig mong tangi-hang siya'y alisan ng pasan, walang pagsalalang iyong tutulungan pati ng may-ari sa kaniya.

6 Huag mong sisirain ang matuid ng iyong dukha, sa kaniyang usap. 7 Laynan mo ang usap na bulaan; at ang walang sala at ang banal, ay huag mong papatayin: sapagka't hindi ko patototohanan ang masama. 8 At huag kang tatanggap ng kaloob: sapagka't ang kaloob ay nagpapabulag sa mga may paningin, at sinisira ang mga salita ng mga banal. 9 At ang taga ibang lupa ay huag mong pipighatiin; sapagka't talastast niyo ang puso ng taga ibang-lupa, sa paraang kayo'y naging mga taga ibang-lupa, sa lupain ng Egipto.

10 Anim na taong habasikan mo ang

iyong lupa at aanihin mo ang bunga noon: **11** Datapua't sa ikapitong taon ay iyong iiwan at babayaan, upang kanin ng dukha sa iyong bayan: at ang kanilang iwan ay kakanin ng hayop sa bukid. Gayon din ang iyong gagawin sa iyong ubasan at sa iyong olibahan. **12** Anim na araw, na iyong gagawin ang iyong gagawin, at sa ikapitong araw ay magpapahinga ka: upang ang iyong baka at ang iyong asno ay makapagpahinga; at ang anak na lalaki ng iyong aliping babaye, at ang taga ibang-lupa ay makapagpahinga. **13** At lahat ng bagay na aking sinabi sa inyo ay iuyong ingatan: at huag ninyong bangitin ang pangalan ng ibang dios, o marinig man sa iyong bibig.

**14** Makaitlong magdidiwang kayo ng pista sa akin, sa *bawat* taon. **15** Ang pista ng tinapay na walang levadura ay iyong ipagdidiwang; pitong araw na kakin ka ng tinapay na walang levadura, gaya ng inutos ko sa iyo, sa takdang panahon, sa buan ng Abih; sapagka't noon kayo umalis sa Egipto; at walang lalapat sa harap ko, na walang dala: **16** at ang pista ng pag-aani ng mga unang bunga ng inyong kapagalan, na iyong inihasik sa bukid: at ang pista ng pag-aani, sa katapusan ng taon, pag-aani mo ng inyong kapagalan sa bukid. **17** Makaitlo sa *bawat* taon na ang lahat na iyong mga lalaki ay haharap sa PANGINOONG DIOS.

**18** Huag mong ihabaudog ang dugo ng hayin sa akin, na kasabay ng tinapay na may levadura, o iiwan mo man ang sebo ng aking pista sa boong gabi hangang sa kinaumagahan. **19** Ang mga unang bunga ng iyong lupa ay iyong ipapasok sa bahay ng PANGINOONG IYONG DIOS. Huag mong lututin ang anak na kambing sa gatas ng kaniyang ina.

**20** Narito, aking sinusugo ang isang angel sa unahan mo, upang ingatan ka sa daan, at upang dalhin ka sa lugar na aking inihanda sa iyo. **21** Mag-ingat kayo sa kaniya, at dingin ninyo ang kaniyang voces; huag ninyong inungkahiin siya; sapagka't hindi niya patatawarin ang inyong pagsalansang; sapagka't ang aking pangalaly nasa kaniya. **22** Datapua't kung didinging mong lubos ang kaniyang voces, at gagawin mo ang lahat ng aking sinasalita, kung gayo'y ako'y magiging kaaway ng iyong mga kaaway, at kaalit ng iyong mga kaalit. **23** Sapagka't ang aking angel ay magpapauna sa iyo, at

dadalhin ka sa Amorreo, at sa Heteo, at sa Percezo, at sa Kananeo, at sa Heveo, at sa Jebuseo; at aking mga ibihihalay. **24** Huag kang yuyukod sa kanilang mga dios, o maglilingkod man sa mga yaon, o gagawa man ng ayon sa kanilang mga gawa; kungdi bagkus, na iyong mga iwa-waksi, at iyong mga pag-wawaraywarayin ang kanilang mga haligi. **25** At inyong paglilingkoran ang PANGINOONG IYONG DIOS, at kaniyang babasbasan ang iyong tinapay at ang iyong tubig; at aking aalisin ang sakit sa gitna mo. **26** Walang babayang makukunan, o magiging baog man, sa iyong lupain, ang bilang ng iyong mga araw ay aking lulubusin. **27** Aking susuguin ang sindak sa akin sa unahan mo, at aking liligaligin ang boong bayan na iyong paroroonan, at aking patatalikurin sa iyo ang lahat ng iyong mga kaaway. **28** At aking susuguin ang putakti sa unahan mo, na magpapalayas sa Heveo, sa Kananeo at sa Heteo, sa harap mo. **29** Hindi ko palalayasin sila sa harap mo sa isang taon; baka ang lupa'y maging ilang, at ang mga ganid sa parang ay magsidami laban sa iyo. **30** Unti-unting aking palalayasin sila sa harap mo, hangang sa ikaw ay kumapal at manahin mo ang lupain. **31** At aking itatatag ang iyong hanganan na mula sa Dagat na Mapula hangang sa dagat ng mga taga Filistia, at mula sa ilang hangang sa ilog ng *Eufrates*; sapagka't aking ibibigay ang mga mananahan sa lupain, sa iyong kamay, at iyo silang palalayasin sa harap mo. **32** Huag kang makikipagkatipan sa kanila, o sa kanilang mga dios man. **33** Sila'y hindi tatahan sa iyong lupain, baka papagkasalahan ka nila laban sa akin: sapagka't kung ikaw ay maglilingkod sa kanilang mga dios, tunay na magiging kapahamakan mo.

**24** At kaniyang sinabi kay Moises: Pumanhik ka sa kinaroroonan ng PANGINOON, ikaw, at si Aaron, si Nadab, at si Abiu, at pitong puo ng mga matanda sa Israel; at sumamba kayo mula sa malayo: **2** at si Moises lamang ang lalapat sa PANGINOON; datapua't sila'y hindi lalapat; o ang bayan man ay sasampung kasama niya. **3** At lumapit si Moises at isinaysay sa bayan ang lahat ng salita ng PANGINOON, at ang lahat ng kahalutalan. At ang boong bayan ay sumagot ng paminsan, at nagsabing: Lahat ng salita na sinalita ng PANGINOON, aming gagawin. **4** At isinulat ni Moises ang lahat

ng salita ng PANGINOON, at bumangon ng maaga sa kinaumagahan, at nagtayo ng isang altar sa ibabaw ng bundok, at ng labingdalawang haligi, ayon sa labingdalawang angkan ng Israel. 5 At kaniyang sinugoy ang mga binata ng mga anak ng Israel, na mga naghandog ng mga handog na susunugin at naghayin sa PANGINOON ng mga handog na baka tungkol sa kapayapaan. 6 At kinuha ni Moises ang kalahati ng dugo, at inilagay sa mga tasa; at ang kalahati ng dugo ay iniwisik sa ibabaw ng altar. 7 At kaniyang kinuha ang libro ng tipan, at binasa ng malakas sa pakinig ng bayan: at kanilang sinabing: Lahat ng sinalita ng PANGINOON ay aming gagawin, at kami ay magmamamunurin. 8 At kinuha ni Moises ang dugo at iniwisik sa bayan, at sinabing: Narito ang dugo ng tipan na ginawa ng PANGINOON sa inyo tungkol sa lahat ng salitang ito. 9 Ng magkagayo'y sumampa si Moises, at si Aaron, si Nadab, at si Abiu, at pitong puo ng mga matanda sa Israel: 10 at kanilang nakita ang Dios ng Israel; at mayroon sa ilalim ng kaniyang mga paa na parang isang yaring lapag na batong zahiro, at paris din ng langit sa kaliwanagan. 11 At sa mga mahal na tawo sa mga anak ng Israel ay hindi niya iniunat ang kaniyang kamay: at sila'y tumingin sa Dios, at kumain at uminom.

12 At sinabi ng PANGINOON kay Moises: Sampahin mo ako sa bundok, at dumoon ka: at ikaw ay bibigyan ko ng mga tablang bato, at ng kautusan, at ng utos na aking isinulat, upang iyong maturo sa kanila. 13 At nagtindig si Moises at si Josueng kaniyang tagapamahala: at si Moises ay sumampa sa bundok ng Dios. 14 At kaniyang sinabi sa mga matanda: Hintayin ninyo kami dito hanggang sa kami ay magbalik sa inyo: at, narito, si Aaron at si Hur ay kasama ninyo: sino mang magkaroon ng usap ay lumapit sa kanila. 15 At sumampa si Moises sa bundok, at tinakpan ng alapaap ang bundok. 16 At ang kalualhatian ng PANGINOON ay tumahan sa ibabaw ng bundok ng Sinai, at tinakpan ng alapaap na anim na araw: at sa ikapitong araw ay tinawag niya si Moises sa gitna ng alapaap. 17 At ang hiehura ng kalualhatian ng PANGINOON ay paris ng apoy na manunupok sa ibabaw ng taluktok ng bundok, sa mga mata ng anak ng Israel. 18 At pumasok si Moises sa gitna ng ala-

paap, at sumampa sa bundok: at si Moises ay natira sa bundok na apat na puong araw at apat na puong gabi.

25 At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na sinabing: 2 Salitain mo sa mga anak ng Israel, na sila'y magdala sa akin ng isang handog; ang bawa't tawo na gayakin ang puso sa kagandahang loob ay kukumin ninyo ang handog sa akin. 3 At ito ang handog na inyong kukumin sa kanila; ginto, at pilak, at tanso; 4 at kayong azul, at morado, at eskarlata, at kayong pinong pute at balahibo ng kambing; 5 at mga balat ng tupa na tinina sa pula, at mga balat ng foka, at kahoy na acacia; 6 langis para sa ilawan, mga pabango para sa langis na pangpahid, at para sa mabangong pangsuob; 7 mga batong onix, at mga batong pangkalopkop para sa efod, at para sa pektoral. 8 At kanilang igawa ako ng isang santuario, upang ako'y tumahan sa gitna nila. 9 Ayon sa lahat ng aking ipinakikita sa iyo, sa anyo ng tabernakulo at sa anyo ng lahat ng kasangkapan noon, gayon ninyo gagawin.

10 At sila'y gagawa ng isang kabang kahoy na acacia, na may dalawang siko at kalahati ang haba noon, at may isang siko't kalahati ang luang noon, at may isang siko't kalahati ang taas noon. 11 At iyong babalutin ng tagamas na ginto; sa loob at sa labas ay iyong babalutin, at igagawa mo sa ibabaw ng isang kornisa sa palibot. 12 At ipagbububo mo ng apat na argollang ginto, at mga ilalagay mo sa apat na paa noon; at dalawang argolla ang mapapasa isang tagiliran noon, at dalawang argolla sa kabilang tagiliran noon; 13 At gagawa ka ng mga pinga na kahoy na acacia, at iyong mga babalutin ng ginto. 14 At iyong isusut ang mga pinga sa loob ng mga argolla, sa mga tagiliran ng kaban, upang dalhin ang kaban. 15 Ang mga pinga ay malalagay sa loob ng mga argolla ng kaban: hindi mga aalisin doon. 16 At iyong isisilid sa kaban ang mga tabla ng patotoo na aking ibibigay sa iyo. 17 At gagawa ka ng isang loklokan ng awa, na taganas na ginto; na may dalawang siko't kalahati ang haba noon, at may isang siko't kalahati ang luang noon. 18 At gagawa ka ng dalawang kerubing giuto; na yari sa pamukpok iyong gagawin, sa dalawang sulok ng dulo ng loklokan ng awa. 19 At gawin mo ang isang kerubin sa isang sulok ng dulo, at ang isang kerubin



sa kabilang sulok ng dulo: sa kapieza ng loklokan ng awa, gagawin mo ang mga kerubin sa dalawang sulok ng dulo noon.

20 At ibubuka ng mga kerubin ang kani-  
lang pakpak na paitaas, na nilililiman ang  
loklokan ng awa, ng kaniyang mga pak-  
pak, na ang kaniyang mukha ay nagkaka-  
barap: sa dakong loklokan ng awa iha-  
harap ang mga mukha ng mga kerubin.

21 At iyong ilalagay ang loklokan ng  
awa sa ibabaw ng kaban; at sa loob ng  
kaban, ay iyong ilalagay, ang *mga tabla*  
*ng patotoo*, na aking ibibigay sa iyo.

22 At diya'y makikipagkita ako sa iyo,  
at makikipanayam sa iyo mula sa ibabaw  
ng loklokan ng awa, sa gitna ng dala-  
wang kerubin (na nanga sa ibabaw ng  
kaban ng patotoo,) tungkol sa lahat ng  
bagay na ibibigay ko sa iyong utos sa  
mga anak ng Israel.

23 At gagawa ka ng isang dulang na  
kahoy na acacia: na may dalawang siko  
ang haba noon, at isang siko ang luang  
noon, at isang siko't kalahati ang taas  
noon; 24 at iyong babalutin ng taganas  
na ginto, at igagawa mo ng isang korni-  
sang ginto sa palibot. 25 At igagawa mo  
ng isang laylayan na may isang palad ng  
kamay ang luang sa palibot, at igagawa  
mo ng isang kornisang ginto ang palibot  
ng laylayan noon. 26 At igagawa mo  
ng apat na argollang ginto, at ilalagay  
mo ang mga argolla sa apat na sulok na  
*ukol* sa apat na paa noon. 27 Malapit sa  
laylayan malalagay ang mga argolla, sa  
daraanang ng mga pinga, upang madala  
ang dulang. 28 At gagawin mo ang mga  
pinga na kahoy na acacia, at iyong mga  
babalutin ng ginto, upang ang dulang ay  
madala ng mga yaon. 29 At gagawa ka  
ng mga pingan noon, at ng mga kuchara  
noon, at ng mga kopa noon, at ng kani-  
yang mga tasa noon na pagbubuhusan;  
na iyong gagawing taganas na ginto.  
30 At ilalagay mo sa dulang ang tina-  
pay na handog sa harap ko kailan  
man.

31 At gagawa ka ng isang kandelero ng  
taganas na ginto: yari sa pamukpok ga-  
gawin mo ang kandelero, ang tuntungan  
noon at ang haligi noon; ang mga kopa  
noon, ang mga globito noon at ang mga  
bulaklak noon ay mga kapieza: 32 at  
magkakaroon ng anim na sangang luma-  
labas sa mga tagiliran noon; tatlong sangang  
ng kandelero'y sa isang tagiliran noon, at  
ang tatlong sangang ng kandelero ay sa  
kabilang tagiliran noon: 33 at magkaka-

roon ng tatlong kopang anyong bulaklak  
ng almendro sa isang sangang, isang globito  
at isang bulaklak; at tatlong kopang  
anyong bulaklak ng almendro sa kabilang  
sangang, isang globito at isang bulaklak; at  
gayon sa anim na sangang lumalabas sa  
kandelero: 34 at sa haligi ng kandelero'y  
*magkakaroon ng* apat na kopang anyong  
bulaklak ng almendro, sampuo ng mga  
globito noon, at ng mga bulaklak noon:  
35 at *magkakaroon ng* isang globito sa  
ilalim ng dalawa sa mga sangang, at isang  
globito sa ilalim ng *kabilang* dalawa sa  
mga sangang na kapieza noon, at isang  
globito sa ilalim ng dalawang sangang  
*nalalabi*, ayon sa anim na sangang na luma-  
labas sa kandelero. 36 Ang mga globito  
at ang mga sangang ay kapieza: kabuoan  
noon ay isang yari sa pamukpok na  
taganas na ginto. 37 At igagawa mo ng  
kaniyang mga ilawan, at kaniyang sisindi-  
han ang mga ilawan, upang lumiwanag  
sa dakong tapat ng *kandelero* 38 Ang  
mga magiging gunting at ang mga pingang  
noon ay taganas na ginto. 39 Isang kintal  
na taganas na ginto gagawin, sampuo ng  
lahat ng kasangkapang ito. 40 At ting-  
nan mo, na iyong gawin ayon sa anyo nila  
na ipinakita sa iyo sa bundok.

26 Bukod dito'y gagawin mo ang ta-  
bernakulo na may sampong tabing;  
na kayong pinong puting torzal, at azul,  
at morado, at eskarlata, na may mga ke-  
rubin; na gawa ng bihasang mangagawa,  
iyong gagawin. 2 Ang magiging haba ng  
bawa't tabing ay dalawang puot walong  
siko, at ang luang ng bawa't tabing ay  
apat na siko: lahat ng tabing ay mag-  
kakaroon ng isang kasukatan. 3 Limang  
tabing ay papagsusugpunging isa't isa; at  
ang *ibang* limang tabing ay papagsusug-  
punging isa't isa. 4 At gagawa ka ng  
mga presillang azul sa tagiliran ng isang  
tabing sa hangganan ng pagkakasugpong,  
at gayon din gagawin mo sa tagiliran ng  
ikalawang tabing na nasa ikalawang pag-  
kakasugpong. 5 Limang puong presilla  
ang iyong gagawin sa isang tabing, at  
limang puong presilla ang iyong gagawin  
sa hangganan ng tabing na nasa ikalawang  
pagkakasugpong; ang mga presilla ay  
magkakatatap na isa't isa. 6 At gagawa  
ka ng limang puong kawit na ginto at  
pagsugpungin mo ang mga tabing sa pa-  
mamagitan ng mga kawit: at magiging  
isa lamang tabernakulo. 7 At gagawa ka  
ng mga tabing na *balahibo* ng kambing  
para sa dampa na nasa ibabaw ng taberna-

kulo: labing isang tabing ang iyong gagawin. **8** Ang magiging haba ng baw't tabing ay tatlong puong siko, at ang luang ng baw't tabing ay apat na siko: ang labing isang tabing ay magkakaroon ng isang sukat. **9** At iyong pagpagsusungpunin ang limang tabing, at gayon din ang anim na tabing, at iyong ititiklop ang ikaanim na tabing sa harapan ng dampa. **10** At gagawa ka ng limang puong presilla sa tagiliran ng isang tabing na nasa hanganan ng pagkakasugpong, at limang puong presilla sa tagiliran ng tabing na nasa tagiliran ng ikalawang pagkakasugpong. **11** At gagawa ka ng limang puong pangawit na tanso, at ikakabit mo ang mga pangawit sa mga presilla at pagsusungpunin mo ang dampa upang maging isa. **12** At ang dakong nakalawit na nalalabi sa mga tabing ng dampa, ang kalahati ng tabing na nalalabi, ilalalay sa likuran ng tabernakulo. **13** At ang siko ng isang dako at ang siko ng kabilang dako niyaong nalalabi sa haba ng mga tabing ng dampa, ilalaylay sa mga tagiliran ng tabernakulo, sa dakong ito at sa dakong yaon, upang takpan. **14** At gagawa ka ng isang pantakip sa dampa na balat ng lalaking tupa na tinina sa pula, at isang pantakip na balat ng foka, sa ibabaw.

**15** At gagawa ka ng mga tabla para sa tabernakulo na kahoy na acacia na mga patayo. **16** Sampuon siko ang magiging haba ng isang tabla, at isang siko at kalahati ang luang ng baw't tabla. **17** Dalawang mi-cha magkakaroon ang baw't tabla na nagkakasugpong na isa't isa: gayon gagawin mo sa lahat ng tabla ng tabernakulo. **18** At igagawa mo ng mga tabla ang tabernakulo: dalawang puong tabla sa tagilirang timugan, sa dakong timugan. **19** At gagawa ka ng apat na puong tungtungang pilak upang ilagay sa ilalim ng dalawang puong tabla: dalawang tungtungan sa baw't tabla na ukol sa kaniyang dalawang mi-cha, at dalawang tungtungan sa ilalim ng ibang tabla na ukol sa kaniyang dalawang mi-cha: **20** at sa ikalawang tagiliran ng tabernakulo, sa dakong hilagaan, dalawang puong tabla: **21** at ang kanilang apat na puong tungtungang pilak; dalawang tungtungan sa ilalim ng isang tabla, at dalawang tungtungan sa ilalim ng ibang tabla. **22** At sa dakong hulihan ng tabernakulo, sa dakong kalunuran ay igagawa mo ng anim na tabla. **23** At igagawa mo ng

dalawang tabla ang sa mga sulok ng tabernakulo sa dakong hulihan. **24** At mga mapatong sa tabing nauukol sa dakong ibaba, at gayon din na maugnay sa itaas noon sa isang argolla; gayon ang gagawin sa dalawa, para sa dalawang sulok. **25** At magkakaroon ng walong tabla, at ang kanilang mga tungtungang pilak ay labing anim na tungtungan; dalawang tungtungan sa ilalim ng ibang tabla, at dalawang tungtungan sa ilalim ng ibang tabla. **26** At gagawa ka ng mga barakilan, na kahoy na acacia; lima para sa mga tabla ng isang tagiliran ng tabernakulo; **27** at limang barakilan para sa mga tabla ng kabilang tagiliran ng tabernakulo, at limang barakilan para sa mga tabla ng tagiliran ng tabernakulo sa dakong hulihan, na dakong kalunuran. **28** At ang gitnang barakilan ay daraan sa kalagitnaan ng mga tabla mula sa isang dulo hangang sa kabila. **29** At iyong mga babalutin ng ginto ang mga tabla at gigintuin mo ang kanilang mga argolla na pagdaraan ng mga barakilan: at iyong babalutin ng ginto ang mga barakilan. **30** At iyong itatayo ang tabernakulo ayon sa anyo noon, na ipinakita sa iyo sa bundok.

**31** At gagawa ka ng isang lambong na azul, at morado, at eskarlata at kayong pinong puting torzal: na may mga kerubing mainam ang pagkayari: **32** at iyong isasampay sa apat na haliging acacia na balot ng ginto, pati ng kanilang mga pangipit ay ginto rin; na nakapatong sa ibabaw ng apat na tungtungang pilak. **33** At iyong ibibitin ang lambong sa ilalim ng mga pangalawit, at iyong ipapasok doon sa loob ng lambong ang kaban ng patotoo: at paghihiwalayin ng lambong sa inyo ang santong lugar, at ang pinakasanto. **34** At iyong ilalagay ang loklokan ng awa sa ibabaw ng kaban ng patotoo sa pinakasantong lugar. **35** At iyong ilalagay ang dulang sa labas ng lambong, at ang kandelerong sa tapat ng dulang, sa tagiliran ng tabernakulo na dakong timugan: at ang dulang ay sa dakong hilagaan. **36** At igagawa mo ng isang tabing ang pintuan ng dampa, na kayong azul, at morado, at eskarlata, at kayong pinong puting torzal, na yari ng mangboborda. **37** At igagawa mo ang tabing ng limang haliging acacia, at mga babalutin mo ng ginto; na ang kanilang mga sima'y ginto rin: at mga ipagbabubuo mo ng limang tungtungan.

**27** At gagawin mong kahoy na acacia ang altar na limang siko ang haba at limang siko ang luang; ang altar ay gagawing kuadrado: at ang taas ay magkakaroon ng tatlong siko. **2** At gagawin mo ang mga sungay sa ibabaw ng apat na sulok: ang mga sungay kapieza rin, at iyong babalutin ng tanso. **3** At igagawa mo ng kaniyang mga kawa upang magalis ng mga abo, at ng mga pala, at ng mga mankok, at ng mga pangalawit at ng mga dupungan: lahat ng kasangkapang gagawin mong tanso. **4** At igagawa mo ng isang salang tanso na tila lambat ang yari, at ang ibabaw ng nilambat ay igagawa mo ng apat na argollang tanso sa apat na sulok noon. **5** At ilalagay mo sa ilalim ng bakod ng altar, sa dakong ibaba, upang ang nilambat ay umabot hangang sa kalahatian ng altar. **6** At igagawa mo ng mga pinga ang altar, mga pinga na kahoy na acacia at mga balutin mo ng tanso. **7** At ang mga pinga noo'y isusuot sa mga argolla, at ang mga pinga ay ilalagay sa dalawang tagiliran ng altar, pagka dinadala. **8** Guguangaan mo ang mga tabla: kung paano ang ipinakita sa iyo sa bundok, gayon gagawin.

**9** At iyong gagawin ang looban ng tabernakulo, ng ganito: sa tagilirang timugan na dakong timugan ay magkakaroon ng mga tabing sa looban na kayong pinong puting torzal, na may isang daang siko ang haba sa isang tagiliran: **10** at ang ihahalingi doo'y dalawang puo, at ang mga tungtungan ay dalawang puo, tanso; ang mga sima ng mga haligi at ang mga filete noon ay pilak. **11** At gayon din sa tagilirang dakong hilagaan, sa kahabaan ay magkakaroon ng mga tabing na may isang daang siko ang haba, at ang mga haligi, dalawang puo, at ang mga tungtungan, dalawang puo, na tanso; ang mga sima ng mga haligi at ang mga filete, na pilak. **12** At sa kaluungan ng looban sa kalunuran, magkakaroon ng mga sampay na may limang puong siko: ang kanilang haligi ay sampuo, at ang mga tungtungan, sampuo. **13** At sa kaluungan ng looban sa dakong silanganan, sa dakong sipisikatan ng araw, magkakaroon ng may limang puong siko. **14** Ang mga tabing sa isang dako ng pintuang-daan ay magkakaroon ng may labing limang siko: ang mga haligi, tatlo, at ang mga tungtungan, tatlo rin. **15** At sa kabilang dako'y magkakaroon ng mga tabing na may labing limang siko: ang mga haligi, tatlo, at ang mga tungtungan,

tatlo. **16** At sa pintuan ng looban ay magkakaroon ng isang tabing na may dalawang puong siko, na ang kayo'y azul, at morado, at mapula, at kayong pinong puting torzal, na yari ng mangbuburda: ang mga haligi apat, at ang mga tungtungan apat. **17** Lahat ng haligi sa palibot ng looban ay pagsusugpungin ng mga filete ng pilak; ang mga sima ay pilak, at ang mga tungtungan ay tanso. **18** Ang haba ng looban ay magkakaroon ng isang daang siko, at ang luang ay limang puo magpasaan man, at ang taas ay limang siko, kayong pinong puting torzal, at ang mga tungtungan tanso. **19** Lahat na kasangkapan ng tabernakulo, sa boong paglilingkod doon, at lahat ng mga tulos noon, at lahat ng mga tulos ng looban ay tanso.

**20** At iyong iuutos sa mga anak ng Israel na sila'y magdala sa iyo ng langis ng taganas na oliva na kanaw, para sa ilawan, upang papagningasin ng walang hangan ang mga ilawan. **21** Sa dampang ng kapisanan sa labas ng lambong na nasa harap ng kaban ng patotoo, mga aayusin ni Aaron at ng kaniyang mga anak mula sa hapon hangang sa umaga sa harap ng PANGINOON: magiging palatuntunan sa boong panahon ng kanilang lahi sa ikagagaling ng mga anak ng Israel.

**28** At ilapit mo sa iyo si Aarong iyong kapatid (at ang kaniyang mga anak na kasama niya,) sa gitna ng mga anak ng Israel, upang makapangasiwa sa akin sa katungkulang sacerdote, si Aaron, si Nadab at si Abiu, si Eleazar at si Itamar, na mga anak ni Aaron. **2** At igagawa mo ng mga santong kasuotan si Aarong iyong kapatid sa ikaluluahati at ikagaganda. **3** At iyong sasalitain sa lahat ng may loob na marunong, na aking mga pinuspos ng espiritu ng karunungan, upang kanilang gawin ang kasuotan ni Aaron, na siya'y santohin upang siya'y makapangasiwa sa akin sa katungkulang sacerdote. **4** At ito ang mga kasuotang kanilang gagawin: Ang pektoral, at ang efod, at isang balabal, at isang tunika na tinahing anyong kuadro; isang mitra, at isang pamigkis: at kanilang igagawa ng mga santong kasuotan si Aarong iyong kapatid, at ang kaniyang mga anak, upang makapangasiwa sa akin sa katungkulang sacerdote. **5** At kukuha sila ng ginto at ng kayong azul, at ng morado, at ng mapula, at ng kayong pinong puti.

**6** At kanilang gagawin ang efod na gin-

to, at *kayong* azul, at morado, mapula, at kayong pinong puting torzal, na yari ng bihasang mangbuburda. **7** Magkakaroon ng dalawang pangbalikat na nagkakasugpong sa dalawang dulo noon, upang magkasugpong. **8** At ang mainam na pagkayaring pamigkis na nasa ibabaw ng *efod* upang ibigkis, ay gagawing gaya ng pagkayari ng *efod* at kapieza, na ginto, kayong azul, at morado, at mapula, at kayong pinong puting torzal. **9** At kukuha ka ng dalawang batong onix, at iyong iuukit na limbag ang mga pangalan ng mga anak ng Israel: **10** anin sa kanilang mga pangalan ay sa isang bato, at ang mga pangalan ng anin na natitira ay sa isang bato, ayon sa *paghabasunodsunod* ng kanilang kapanganakan. **11** Na yari ng mang-uukit sa bato, gaya ng ukit ng isang panatak iyong iuukit sa dalawang bato, ayon sa mga pangalan ng mga anak ng Israel: iyong gagawing napamumutihan ng mga kalupkop na ginto. **12** At iyong ilalagay ang dalawang bato sa ibabaw ng pangbalikat ng *efod*, upang maging mga batong pinakaalaala sa *ikagngaling* ng mga anak ng Israel; at dadalhin ni Aaron ang kanilang mga pangalan sa harap ng PANGINOON, sa ibabaw ng kaniyang dalawang balikat, na pinakaalaala.

**13** At gagawa ka ng mga kalupkop na ginto; **14** at ng dalawang tanikalang taganas na ginto; na parang tirintas iyong gagawin, na yaring siningsing: at iyong ibabaon ang mga tanikalang tinirintas sa mga kalupkop. **15** At gagawin mo ang pektoral ng kahatulan, na gawa ng bihasang mangagawa; gaya ng pagkayari ng *efod* iyong gagawin; gagawin mo na ginto, na azul, at morado, at eskarlata, at kayong pinong puti. **16** Kuadrado gagawin at nakatiklop; isang dangkal magkakaroon ang baba noon, at isang dangkal ang luang noon. **17** At iyong kakalupkupan ng mga kalupkop na mga bato, apat na hanay na bato: isang hanay na sardio, topacio, at carbungko ang magiging unang hanay; **18** at ang ikalawang hanay, ay isang esmeralda, isang zafiro, at isang diamante; **19** at ang ikatlong hanay ay isang jacinto, isang agata, at isang amatista; **20** at ang ikaapat na hanay ay isang berilo, isang onix, at isang jazpe: mga pamumutihan ng ginto sa kanilang mga kalupkop. **21** At ang mga bato ay isaayos sa mga pangalan ng mga anak ng Israel; labingdalawa, ayon sa mga pangalan nila; gaya ng ukit ng isang panatak. bawa't isa'y

ayon sa kaniyang pangalan, na magiging ukol sa labingdalawang angkan. **22** At gagawa ka sa ibabaw ng pektoral ng mga tanikalang parang tirintas, na ayos siningsing, na taganas na ginto. **23** At igagawa mo ang ibabaw ng pektoral ng dalawang singsing na ginto, at ilalagay mo ang dalawang singsing sa dalawang sulok sa *itaa* ng pektoral. **24** At iyong ilalagay ang dalawang siningsing na tanikalang ginto sa dalawang singsing sa mga sulok ng pektoral. **25** At ang dalawang dulo ng dalawang siningsing na tanikala ay iyong ilalagay sa dalawang kalupkop, at iyong mga ilalagay sa mga pangbalikat ng *efod*, sa harapan. **26** At gagawa ng ibang dalawang singsing na ginto, at mga ilalagay mo sa dalawang sulok ng pektoral sa laylayan noon na nasa dakong kabaligtaran ng *efod*. **27** At gagawa ka ng dalawang singsing na ginto, at iyong mga ikakapit sa dalawang pangbalikat ng *efod*, sa dakong ibaba, sa harapan, malapit sa pagkakasugpong sa ibabaw ng mainam na pagkayaring pamigkis ng *efod*. **28** At kanilang itatali ang pektoral sa pamamagitan ng mga singsing sa mga singsing ng *efod* ng isang taling azul, upang mamalagi sa ibabaw ng mainam na pagkayaring pamigkis ng *efod*, at upang ang pektoral ay huag makalag sa *efod*. **29** At dadalhin ni Aaron ang mga pangalan ng mga anak ng Israel sa pektoral ng kahatulan sa ibabaw ng kaniyang puso, pagka siya'y pumapasok sa santong lugar, na pinakaalaala sa harap ng PANGINOON, na palagi. **30** At ilalagay mo sa pektoral ng kahatulan ang Uriim at ang Tumim; at mga ilalagay sa sinapupunan ni Aaron, pagka siya'y pumapasok sa harap ng PANGINOON: at dadalhin ni Aaron ang kahatulan sa mga anak ng Israel sa kaniyang sinapupunan sa harap ng PANGINOON na palagi.

**31** At gagawin mo ang balabal ng *efod* na taganas na azul. **32** At magkakaroon ng isang pinakaleeg sa gitna noon: magkakaroon ito ng isang uriang tinahi sa palibot ng pinakaleeg, gaya ng butas ng isang koseiete, upang huag mapunit. **33** At ang tutop noon ay igagawa mo ng mga granadang azul, at morado, at eskarlata, sa palibot ng tutop, at ng mga kampanillang ginto sa gitna ng mga yaon sa palibot: **34** isang kampanillang ginto at isang granada, isang kampanillang ginto at isang granada sa tutop sa ibaba ng balabal sa palibot. **35** At isusuot ni Aaron upang mangasiwa: at ang tunog noo'y maririnig

pagka siya'y pumapasok sa santong lugar sa harap ng PANGINOON, at pagka siya'y lumalabas, upang siya'y huag mamatay.

**36** At gagawa ka ng isang pingang taganas na ginto, at doo'y isusulat mong ukit na ayos ukit ng isang panatak: KASANTOSAN SA PANGINOON. **37** At iyong ilalagay sa isang listong azul, at malalagay sa ibabaw ng mitra; sa ibabaw ng harapan ng mitra malalagay. **38** At malalagay sa noo ni Aaron, at dadalhin ni Aaron ang kasaminan ng mga santong bagay na igagalang ng mga anak ng Israel sa lahat nilang santong kaloob; at malalagay kailan man sa kaniyang noo, upang mga tangapin sa harap ng PANGINOON. **39** At iyong hahabihin ang tunika na anyong kuadro, ng kayong pinong puti, at iyong gagawin ang mitra na kayong pinong puti, at iyong gagawin ang pamigkis na yari ng mangbuburda. **40** At iyong igagawa ang mga anak ni Aaron ng mga tunika, at iyong igagawa sila ng mga pamigkis, at iyong igagawa sila ng mga tiara sa ikaluluulhati at ikagaganda. **41** At iyong mga isusuat kay Aaron iyong kapatid at sa kaniyang mga anak na kasama niya; at iyong papahuran ng langis sila, at iyong mga itatalaga sila, at iyong mga papagsasantohin sila, upang sila'y makapangasiwa sa akin, sa katungkulang sacerdote. **42** At iyong igagawa sila ng mga salawal na kayong puti, upang takpan ang laman ng kanilang kahubaran; mula sa mga balakang hangang sa mga hita aabot. **43** At mga isusuat ni Aaron at ng kaniyang mga anak, pagka sila'y pumapasok sa dampa ng kapisanan, o pagka sila'y lumalapit sa altar upang mangasiwa sa santong lugar; upang sila'y huag magdala ng kasaminan, at huag mamatay: magiging isang palatuntunang walang hangang sa kaniya at sa kaniyang binhi pagkatapos niya.

**29** At ito ang bagay na iyong gagawin sa kanila ng igalang sila, upang sila'y mangasiwa sa akin sa katungkulang sacerdote: kumuha ka ng isang guyang toro at ng dalawang lalaking tupang walang kapintasan, 2 at tinapay na walang levadura, at mga tortang walang levadura na hinaluan ng langis, at mga ampanadang walang levadura na pinahiran ng langis: ng mainamna harina ng trigo iyong mga gagawin. **3** At iyong mga isisilid sa isang bakol, at mga dadalhin mo na nasa bakol, sampuo ng toro at ng dalawang tupang lalaki. **4** At si Aaron at ang kaniyang mga anak ay

iyong dadalhin sa pintuan ng dampa ng kapisanan, at iyong huhugasan ng tubig sila. **5** At saka iyong kukunin ang mga kasuotan, at iyong isusuat kay Aaron ang tunika, at ang balabal ng efod, at ang efod, at ang pektoral, at bigkisan mo ng mainam na pagkayaring pamigkis ng efod: **6** at iyong ipuputong ang mitra sa kaniyang ulo, at ipapatong mo ang santong korona sa mitra. **7** Kung gayo'y kukunin mo ang langis ng pangpahid, at ibubuhos mo sa ibabaw ng kaniyang ulo, at pahiran mo ng langis siya. **8** At iyong dadalhin ang kaniyang mga anak, at susuotan mo ng mga tunika sila. **9** At iyong bibigkisan sila ng mga pamigkis, si Aaron at ang kaniyang mga anak, at itatali mo ang mga tiara sa kaniyang ulo: at tatamuhin nila ang pagkasacerdote na pinakapalatuntunang palagi: at iyong papagsasantohin si Aaron at ang kaniyang mga anak. **10** At iyong dadalhin ang toro sa harap ng dampa ng kapisanan: at ipapatong ni Aaron at ng kaniyang mga anak ang kanilang kamay sa ulo ng toro. **11** At iyong papatayin ang toro sa harap ng PANGINOON, sa pintuan ng dampa ng kapisanan. **12** At kukuha ka ng dugo ng toro, at ilalagay mo ng iyong daliri sa ibabaw ng mga sungay ng altar; at iyong ibuhos ang lahat ng dugo sa tungtungan ng altar. **13** At kukunin mo ang boong taba na nakababalot sa bituka, at ang mga lamak ng atay, at ang dalawang bato, at ang taba na nasa ibabaw ng mga yaon, at mga sunugin mo sa ibabaw ng altar. **14** Datapua't ang laman ng toro, at ang balat, at ang dumi, iyong susunugin ng apoy sa labas ng kamento: handog nga dahil sa kasalanan. **15** Kukunin mo rin ang isang lalaking tupa; at ipapatong ni Aaron at ng kaniyang mga anak ang kanilang kamay sa ulo ng lalaking tupa. **16** At iyong papatayin ang lalaking tupa, at iyong kukunin ang dugo, at iyong iwiwisik sa palibot sa ibabaw ng altar. **17** At iyong kakatayin ang tupa at huhugasan mo ang bituka, at ang mga hita, at ipapatong mo sa mga piraso, at sa ulo. **18** At iyong susunugin ang boong tupa sa ibabaw ng altar: handog na susunugin nga sa PANGINOON: may masarap na amoy, handog na pinaraan sa apoy sa PANGINOON. **19** At kukunin mo ang isang tupa; at ipapatong ni Aaron at ng kaniyang mga anak ang kanilang kamay sa ulo ng tupa. **20** Kung magkagayo'y iyong papatayin

ang tupa, at kukunin mo ang dugo, at ilalagay mo sa pingol ng kanang tainga ni Aaron, at sa pingol ng kanang tainga ng kaniyang mga anak, at sa hinlalaki ng kaniyang kanang kamay, at sa hinlala ki ng kanilang kanang paa, at iwiwisik mo ang dugong *labis* sa ibabaw ng altar sa palibot. **21** At kukuha ka ng dugo na nasa ibabaw ng altar, at ng langis na pangpahid, at iwiwisik mo kay Aaron, at sa kaniyang mga suot, at sa kaniyang mga anak, at sa mga suot ng kaniyang mga anak na kasama niya: at papagsasantohin siya, at ang kaniyang mga suot, at ang kaniyang mga anak, at ang mga suot ng kaniyang mga anak na kasama niya. **22** Kukunin mo rin naman sa lalaking tupa ang taba, at ang matabang buntot, at ang tabang nakababalot sa mga bituka, at ang mga lamak ng atay, at ang dalawang bato, at ang taba na nasa ibabaw ng mga yaon, at ang kanang hita; sapagka't isang lalaking tupa na itinalaga: **23** at isang putol na tinapay, at isang ampanada sa bakol ng tinapay na walang lewadura na nasa harap ng PANGINOON: **24** at iyong ilalagay ang kabuwan sa mga kamay ni Aaron, at sa mga kamay ng kaniyang mga anak; at iyong mga luluglugin na pinakahandog na niluglog sa harap ng PANGINOON. **25** At iyong mga kukunin sa kanilang mga kamay, at iyong mga sunugin sa altar sa ibabaw ng handog na susunugin, na pinakamasarap na amoy sa harap ng PANGINOON: handog nga na pinaraan sa apoy sa PANGINOON. **26** At kukunin mo ang dibdib ng tupa na itinalaga ni Aaron, at luglugin mo na pinakahandog na niluglog sa harap ng PANGINOON: at magiging iyong bahagi. **27** At iyong papaging-santohin ang dibdib ng handog na niluglog, at ang hita ng handog na itinaas, (ang niluglog at ang itinaas), ng lalaking tupa na itinalaga na kay Aaron at sa kaniyang mga anak: **28** at magiging kay Aaron at sa kaniyang mga anak, na pinakabuis magpakailan man, sa gawang mga anak ng Israel: sapagka't isang handog na itinaas at magiging isang handog na itinaas sa ganang mga anak ng Israel, na kinuha sa kanilang mga bayin tungkol sa kapayapaan; ang kanilang handog ngang itinaas sa PANGINOON. **29** At ang mga santong kasuctan ni Aaron ay magiging sa kaniyang mga anak, pagkatapos niya upang mga puhiran ng *langis* sa mga

yaon, at upang mga italaga sa kanila. **30** Pitong araw na isusuet ng anak na magiging sacerdote na kahalili niya, pagka siya'y pumapasok sa daupa ng kapisanan upang mamahala sa santong lugar. **31** At kukunin mo ang lalaking tupa na itinalaga at lututuin mo ang kaniyang laman sa santong lugar. **32** At kakanin ni Aaron at ng kaniyang mga anak ang laman ng tupa, at ang tinapay na nasa bakol sa pintuan ng dampa ng kapisanan. **33** At kanilang kakanin ang mga bagay na yaon, na ipinangtubos ng *sala*, upang italaga at papagsantohin sila: datapu't hindi kakain ang sino mang taga ibang lupa noon, sapagka't mga bagay na santo. **34** At kung may lumabis sa laman na itinalaga, o sa tinapay, hangang sa kinaumagahan, ay iyo ngang susunugin sa apoy ang labis: hindi kakanin, sapagka't yao'y santo. **35** At ganito mo gagawin kay Aaron, at sa kaniyang mga anak, ayon sa lahat na aking iniutos sa iyo: pitong araw na iyong itatalaga sila. **36** At araw-araw ay maghahandog ka ng toro na pinakahandog, dahil sa kasalanan na, pinakapangtubos: at iyong lilinisin ang altar pagka iyong ipinangagawa ng katubusan yaon: at iyong papahiran ng *langis* upang papaging-santohin. **37** Pitong araw na iyong tutubusin sa *sala* ang altar, at iyong papaging-santohin; at ang altar ay magiging pinakasanto; ano mang hipuin sa altar ay magiging pinakasanto.

**38** Ito nga ang iyong ihahandog sa ibabaw ng altar: dalawang cordero ng unang taon araw-araw na palagi. **39** Ang isang cordero ay iyong ihahandog sa kinaumagahan, at ang isang cordero ay iyong ihahandog sa hapon: **40** at kasama ng isang cordero iyong ihahandog ang ikasampung bahagi ng isang *efa* ng mainam na harina na may halong ikaapat na bahagi ng isang hin ng langis na hinalo; at ang ikaapat na bahagi ng isang hin ng alak, ay pinakahandog na inumin. **41** At ang isang cordero ay iyong ihahandog sa hapon, at iyong gagawin ayon sa handog na harina sa umaga, at ayon sa inuming handog noon, na pinakamasarap na amoy: handog ngang pinaraan sa apoy sa PANGINOON. **42** Magiging isang handog na sinunog na palagi sa boong panahon ng inyong lahi sa pintuan ng dampa ng kapisanan, sa harap ng PANGINOON: na aking pakikipagkitaan sa iyo, upang makipag-usap ako deon sa iyo. **43** At doo'y makikipagkita ako sa mga anak ng

Israel; at ang dampa ay papapagingsantohin sa pamamag-itan ng aking kalualhatian. **44** At aking papapagingsantohin ang dampa ng kapisanan, at ang altar; si Aaron man at ang kaniyang mga anak ay aking papagsasantohin, upang mamahala sa akin sa katungkulang sacerdote. **45** At ako'y tatahan sa gitna ng mga anak ng Israel, at ako'y magiging kanilang Dios. **46** At kanilang makikilala, na ako ang PANGINOONG kanilang Dios, na kumuha sa kanila sa lupain ng Egipto, upang ako'y tumahan sa gitna nila: Ako ang PANGINOONG kanilang Dios.

**30** At gagawa ka ng isang altar upang pagsunugan ng kamanyan sa ibabaw: na kahoy na acacia iyong gagawin. Isang siko magkakaroon ang haba noon, at isang siko ang luang noon; (magiging kuadrado): at dalawang siko magkakaroon ang taas noon: ang mga sungay ay magiging kapieza noon. **3** At iyong babalutin ng taganas na ginto, ang ibabaw, at ang mga tagiliran sa palibot, at ang mga sungay; at igagawa mo ng isang kornisang ginto sa palibot. **4** At igagawa mo yaon ng dalawang argollang ginto sa ilalim ng kornisa sa ibabaw ng dalawang tagilirang iyong mga gagawin; at magiging suotan ng mga pinga upang mabuhat. **5** At ang iyong gagawing mga pinga ay kahoy na acacia, at iyong mga babalutin ng ginto. **6** At iyong ilalagay sa harap ng lambong na nasa siping ng kaban ng patotoo, sa harap ng loklokan ng awa na nasa ibabaw ng kaban ng patotoo, na aking pakikipagkitaan sa iyo. **7** At magsusunog si Aaron sa ibabaw noon ng kamanyan na mabangong pabango: tuing umaga pagka kaniyang inaayos ang mga ilawan, susunugin niya yaon. **8** At pagka sinisindihan ni Aaron ang mga ilawan sa hapon, kaniyang susunugin: ya'y isang kamanyan ngang palagi sa harap ng PANGINOON, sa boong panahon ng inyong lahi. **9** Huag kayong maghahandog ng ibang kamanyan sa ibabaw noon, o ng handog na susunugin, o ng handog na harina man; at huag kayong magbubuhos ng inuming handog sa ibabaw noon. **10** At si Aaron ay tutubos ng sala sa ibabaw ng mga sungay ng altar, minsan sa isang taon: kaniyang tutubusin sa sala, na minsan sa isang taon, ng dugo ng handog dahil sa kasalanan, sa boong panahon ng inyong lahi: pinakasanto nga sa PANGINOON.

**11** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: **12** Pagbilang mo

sa mga anak ng Israel, ayon sa mga nabibilang sa kanila, magbibigay nga ang bawat isa sa kanila ng katubusan ng kaniyang kalulua sa PANGINOON, pagka iyong binibilang sila; upang huag magkaroon ng salot sa gitna nila pagka iyong binibilang sila. **13** Ito ang kanilang ibibigay, bawat maraanan sa kanila na nangabibilang: kalahati ng isang siklo ayon sa siklo ng santuario: (ang isang siklo ay dalawang puong gera:) kalahating siklo na pinakahandog sa PANGINOON. **14** Bawat maraanan sa kanila na nangabibilang, mula sa dalawang puong taong gulang hanggang sa katandatandaan, magbibigay ng handog sa PANGINOON. **15** Ang mayaman ay hindi magbibigay ng higit, at ang dukha ay hindi magbibigay ng kulang kay sa kalahating siklo, pagbibigay nila ng handog sa PANGINOON, upang ipangtubos sa inyong mga kalulua. **16** At iyong kukunin sa mga anak ng Israel ang pangtubos na salapi, at iyong gugugulin sa paglilingkod sa dampa ng kapisanan; na maging pinakaalaala sa mga anak ng Israel sa harap ng PANGINOON, upang ipangtubos sa inyong mga kalulua.

**17** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: **18** Gagawa ka rin ng isang hugasang tanso, at ang tungtungan ay tanso, upang paghugasan: at iyong ilalagay sa gitna ng dampa ng kapisanan at ng altar, at iyong sisidlan ng tubig. **19** At si Aaron at ang kaniyang mga anak ay maghuhugas ng kanilang mga kamay at ng kanilang mga paa doon: **20** pagka sila'y pumapasok sa dampa ng kapisanan, sila'y maghuhugas ng tubig, upang sila'y huag mamatay; o pagka sila'y lumalapit sa altar upang mamahala, ng pagsunog ng handog na pinaraan sa apoy, sa PANGINOON: **21** kaya't sila'y maghuhugas ng kanilang mga kamay at ng kanilang mga paa upang huag silang mamatay: at magiging isang palatuntunan magpakailan man sa kanila, sa kaniya at sa kaniyang binhi, sa boong panahon ng kanilang lahi.

**22** Bukod dito'y nagsalita ang PANGINOON kay Moises, na nagsabing: **23** Magdala ka rin ng mga pinakamagaling na pabango, ng taganas na mirra ay limang daang siklo, at ng mabangong kanela ay kalahati nito, dalawang daan at limang puo; at ng mabangong kamanyan ay dalawang daan at limang puo, **24** at ng kasia, limang daan, ayon sa siklo ng santuario, at ng langis ng olivo ay isang hin:

25 at iyong gagawing santong langis na pangpahid, isang pabangong kinatha ayon sa katha ng magpapabango: magiging isang santong langis na pangpahid. 26 At iyong papaluran noon ang dampa ng kapisanan, at ang kaban ng patotoo, 27 at ang dulang, at ang lahat ng kasangkapan noon, at ang kandelero at ang mga kasangkapan noon, at ang altar ng pangsuob, 28 at ang altar ng handog na susunugin sampuo ng lahat ng kasangkapan, at ang hugasan at ang tungtungan. 29 At mga papapagingsantohin upang mga maging pinakasanto: lahat ng makahipo sa mga yao'y magiging santo. 30 At iyong papahiran ng langis si Aaron at ang kaniyang mga anak, at iyong papagsasantohin sila, upang sila'y mamahala sa akin sa katungkulang sacerdote. 31 At iyong sasalitain sa mga anak ng Israel, na iyong sabihing: Ito'y magiging santong langis na pangpahid sa akin sa boong panahon ng iyong lahi. 32 Sa laman ng tawo ay huag ninyong ibubuhos, o huag man kayong gagawa ng gaya noon, ayon sa pagkakatha: yao'y santo at aariin ninyong santo. 33 Sino mang kumatha ng gaya noon, o sino mang maglagay noon sa isang taga ibang-lupa, siya'y ihihwalay sa kaniyang bayan.

34 At sinabi ng PANGINOON kay Moises: Magdala ka ng mga mabangong pabango: estacte, at onique, at galbano: mga mabangong pabango na may taganas na oliwano: na baw't isa'y nagkakaisa ng timbang; 35 at iyong gagawing kamanyan, isang pabangong ayong sa katha ng magpapabango, na inasnan ng asin na taganas at santo: 36 at iyong didikidin ang iba noon ng durog na durog at ilagay mo sa harap ng kaban ng patotoo, sa loob ng dampa ng kapisanan na aking pakikipagkitaan sa iyo: aariin ninyong napakasanto. 37 At ang kamanyan na inyong gagawin, ayon sa pagkakatha noon ay huag kayong gagawa ng sa ganang inyo: aariin mong santo sa PANGINOON. 38 Sino mang gumawa ng gaya noon, upang amoyin, siya'y ihihwalay sa kaniyang bayan.

31 At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: 2 Tingnan mo't aking tinawag sa pangalan si Bezalel na anak ni Uri, na anak ni Hur, sa angkan ng Juda: 3 at aking pinuspos siya ng espiritu ng Dios, sa karunungan, at pagkakilala, at kaalaman, at sa lahat ng sarisaring gawa, 4 upang kumatha

ng mga gawang kaaya-aya, upang gumawa sa ginto, at sa pilak, at sa tanso, 5 at upang umukit ng mga batong pangkalupkop, upang gumawa ng mga nililok na kahoy, at upang gumawa sa lahat na sarisaring gagawin. 6 At ako, narito, aking inihalal na kasama niya si Oholiab, na anak ni Ahisama sa angkan ni Dan; at sa puso ng lahat na maalam na puso, ay aking isinilid ang karunungan, upang magawa nila ang lahat ng aking iniutos sa iyo: 7 ang dampa ng kapisanan at ang kaban ng patotoo, at ang loklokan ng awa na nasa ibabaw noon, at ang lahat ng kasangkapan ng dampa; 8 at ang dulang at ang kaniyang mga kasangkapan, at ang kandelong dalisay sampuo ng lahat na kasangkapan; at ang altar ng pangsuob; 9 at ang altar ng handog na susunugin sampuo ng lahat ng kasangkapan, at ang hugasan at ang tungtungan noon; 10 at ang mga kasuotang mabuting gawa, at ang mga santong kasuotan kay Aarong sacerdote, at ang mga kasuotan sa kaniyang mga anak, upang mangasiwa sa katungkulang sacerdote; 11 at ang langis na pangpahid, at ang kamanyan na mabangong mga pabango para sa santong lugar: ayon sa lahat na iniutos ko sa iyo ay kanilang gagawin.

12 At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: 13 Salitain mo rin sa mga anak ng Israel, na iyong sabihing: Katotohanang ipangngilil ninyo ang aking mga sabado: sapagka't isang tanda sa akin at sa iyo sa boong panahon ng inyong lahi, upang inyong makilala na ako ang PANGINOON na nagpapasanto sa inyo. 14 Inyong ipangngilil ang sabado nga; sapagka't yao'y santo sa iyo: baw't dumumit ay walang pagsalang papatayin: sapagka't sino mang gumawa ng ano mang gagawin sa araw na yaon, ang tawong yaon ay ihihwalay sa kaniyang bayan. 15 Anim na araw na gagawin ang gagawin; datapna't ang ikapitong araw ay sabado na dakilang kapahingahan, santo sa PANGINOON: sino mang gumawa ng ano mang gagawin sa araw ng sabado, siya'y walang pagsalang papatayin. 16 Kaya't ang mga anak ng Israel ay mangngilil ng sabado, na tutuparin ang sabado sa boong panahon ng kanilang lahi, na pinakapalaging tipan. 17 Ito'y isang tanda sa akin at sa mga anak ng Israel magpakailan man: sapagka't sa anim na araw ay girawa ng PANGINOON ang langit at lupa, at sa ikapi-



tong araw, siya'y nagpahinga at nagpalamig.

18 At kaniyang ibinigay kay Moises, pagkatapos na makipagsalitaan sa kaniya sa ibabaw ng bundok ng Sinai, ang dalawang tabla ng patotoo na mga tablang bato, na sinulatan ng daliri ng Dios.

**32** At ng makita ng bayan na naglu-luat si Moises ng pagpanaog sa bundok, ang bayan ay nagpipisan kay Aaron, at nagsabi sa kaniyang: Magtindig ka at igawa mo kami ng mga dios na magpapauna sa amin; sapagka't tungkol sa Moises na ito, na lalaking nagsampa sa amin mula sa lupain ng Egipto, hindi namin malaman kung anong nangyari sa kaniya. 2 At sinabi ni Aaron sa kanilang: Alisin ninyo ang mga hikaw na ginto, na nasa tainga ng inyong mga asawa, ng inyong mga anak na lalaki, at babaye, at mga dalhin ninyo sa akin. 3 At inalis ng boong bayan ang mga hikaw na ginto na mga nasa kanilang mga tainga, at mga dinala kay Aaron. 4 At kaniyang tinanggap sa kanilang kamay, at niyari sa pamamagitan ng isang buril, at ginawang isang guyang binubo, at kanilang sinabing: Ang mga ito ang maging iyong mga dios, oh Israel, na nagsampa sa iyo mula sa lupain ng Egipto. 5 At ng makita ito ni Aaron, siya'y nagtayo ng isang altar sa harapan ng guya; at inihyaw ni Aaron at nagsabing: Bukas ay pistang dakila sa PANGINOON. 6 At sila'y nagbangong maaga ng kinabukasan, at naghandog ng mga handog na susunugin, at nagdala ng mga handog tungkol sa kapayapaan: at ang bayan ay umupong kumain at uminom, at nagtindig upang maglaro.

7 At sinalita ng PANGINOON kay Moises: IYumaon ka, manaog ka: sapagka't ang iyong bayan, na iyong isinampa mula sa lupain ng Egipto ay nangagsisama: 8 sila'y humiwalay na madali sa daan na aking iniutos sa kanila: sila'y gumawa ng isang guyang binubo, at kanilang sinamba, at kanilang hinainan, at kanilang sinabing: Ang mga ito'y iyong maging mga dios, oh Israel, na nagsampa sa iyo mula sa lupain ng Egipto. 9 At sinabi ng PANGINOON kay Moises: Aking nakita ang bayang ito, at narito, isang bayang may matigas na batok: 10 nga-yo'y bayaan mo nga ako upang ang aking pag-iinit ay mag-alab laban sa kanila, at upang aking lipulin sila: at ikaw ay aking

gagawing malaking nasyon. 11 At namahik si Moises sa PANGINOONG kaniyang Dios, at sinabing: PANGINOON, bakit ang iyong pag-iinit ay pinapag-aalab mo laban sa iyong bayan, na iyong inilabas sa lupain ng Egipto sa pamamagitan ng malaking kapangyarihan at ng makapangyarihang kamay? 12 Bakit sasalitain ng mga taga Egipto, na sasabihing: Dahil sa kasam-an, inilabas sila upang patayin sila sa mga bundok, at upang lipulin sila sa balat ng lupa? Iurong mo ang inyong mabangis na pag-iinit, at pagsisihan mo ang kasam-ang ito laban sa iyong bayan. 13 Alalahanin mo si Abraham, si Isaak, at si Israel na iyong mga lingkod, na siyang iyong mga sinumpa-an sa iyong sarili, at mga pinagsabihang: Aking pararamihin ang inyong binhi, na gaya ng mga bituin sa langit, at lahat ng lupaing ito na aking sinalita ay aking ibibigay sa inyong binhi, at kanilang mamanahin magpakailan man. 14 At pinagsisihan ng PANGINOON ang kasam-an na kaniyang sinabing kaniyang gagawin sa kaniyang bayan.

15 At si Moises ay pumihit, at bumaba sa bundok, na dala ang dalawang tabla ng patotoo sa kaniyang kamay; mga tablang may sulat sa kanilang dalawang mukha; sa isang mukha at sa kabilang mukha ay may sulat. 16 At ang mga tabla ay gawa ng Dios, at ang sulat ay sulat ng Dios, na nakaukit sa mga tabla. 17 At ng marinig ni Josue ang ingay ng bayan na humihiyaw, nagsabi kay Moises: May ingay ng pagbabaka sa kampo. 18 At kaniyang sinabing: Hindi ingay ng pagtatagumpay, o ingay man ng pagkatalo, kungdi ingay ng mga umaawit, ang aking naririnig. 19 At nangyari paglapit niya sa kampo, na kaniyang nakita ang guya at ang sayawan; at ang galit ni Moises ay nag-iinit at kaniyang inihagis ang mga tabla na nasa kaniyang mga kamay at nga nasira sa paa ng bundok. 20 At kaniyang kinuha ang guya na kanilang ginawa, at sinunog ng apoy, at giuiling hangang sa naging alabok, at isinaboy sa ibabaw ng tubig, at ipinainom sa mga anak ng Israel. 21 At sinabi ni Moises kay Aarong: Anong ginawa ng bayang ito sa iyo, upang iyong dalhan ng isang malaking sala sila? 22 At sinabi ni Aarong: Huag mag-iinit ang galit ng aking panginoon: iyong kilala ang bayan, na sila'y lugmok sa kasam-an. 23 Sapagka't kani-

lang sinabi sa aking: Igawa mo kami ng mga dies na magpapaua sa amin: sapagka't tungkol sa Moises na ito, na lalaking nagsampa sa amin mula sa lupain ng Egipto ay hindi namin malamang kung anong nangyari sa kaniya. **24** At aking sinabi sa kanilang: Sino mang may ginto, ay mag-alis; sa gayo'y kanilang ibinigay sa akin: at aking inihagis sa apoy at lumabas ang guyang ito. **25** At ng makita ni Moises na ang bayan ay nakakawala; (sapagka't pinabayaan ni Aarong makawala ng maging isang kabiruan sa gitna ng kanilang mga kaaway.) **26** ng magkagayo'y tumayo si Moises sa pintuang-daan ng kamento, at nagsabing: Sino mang sa PANGINOON ang kiling ay lumapit sa akin. At lahat ng mga anak ni Levi ay nagpipisan sa kaniya. **27** At kaniyang sinabi sa kanilang: Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel: Ipatong ng baw't lalaki ang kaniyang tabak sa kaniyang hita, at yumaon kayong paroo't parito sa pintuang-daan at pintuang-daan, sa boong kamento, at patayin ng baw't lalaki *kahit* ang kaniyang kapatid na lalaki, at ng baw't lalaki aag kaniyang kasama, at ng baw't lalaki ang kaniyang kapua. **28** At ginawa ng mga anak ni Levi ayon sa salita ni Moises: at nabual sa bayan ng araw na yaon, ang may mga tatlong libong katawo. **29** At sinabi ni Moises: Italaga ninyo ang inyong sarili ngayon sa PANGINOON, oo, baw't lalaki laban sa kaniyang anak na lalaki, at laban sa kaniyang kapatid na lalaki, upang kaniyang ipagkaloob sa inyo ang pagpapala sa araw na ito. **30** At nangyari ng kinabukasan, na sinabi ni Moises sa bayang: Kayo'y nagkasala ng malaking kasalanan: At ngayo'y sasampahin ko ang PANGINOON; marahil ay aking matutubos ang inyong kasalanan. **31** At nagbalik si Moises sa PANGINOON, at nagsabing: Oh ang bayang ito ay nagkasala ng malaking kasalanan, at gumawa sila ng mga dios na ginto. **32** Gayon ma'y ngayon, kung iyong ipatutawad ang kanilang kasalanan—; at kung hindi, pawiin mo ako, isinasamo ko sa iyo, sa iyong libro na iyong simulat. **33** At sinabi ng PANGINOON kay Moises: Sino mang nagkasala laban sa akin papawiin sa aking libro. **34** At ngayo'y yumaon ka, iyong pamubayan ang bayan sa lugar na aking sinalita sa iyo: narito't ang aking angel ay magpapaua sa iyo: gayon

ma'y sa araw na aking dalawin, aking dadalawin ang kanilang kasalanan sa kanila. **35** At sinugatan nga ng PANGINOON ang bayan, sapagka't kanilang ginawa ang guya na ginawa ni Aaron.

**33** At sinalita ng PANGINOON kay Moises: Yumaon ka, sumampa ka mula rito, ikaw at ang bayan na iyong isinama mula sa lupain ng Egipto, na patungo sa lupain na aking isinama kay Abraham, kay Isaak, at kay Jakob, na sinabing: Sa iyong binhi ay aking ibinigay: **2** at aking susuguin ang isang angel sa unahan mo: at aking palalayasin ang Kananeo, ang Amoreo, at ang Heteo, at ang Perezeo, ang Heveo, at ang Jebuseo: **3** sa isang lupaing binubukalan ng gatas at pulot: sapagka't hindi ako sasampa sa gitna mo; sapagka't ikaw ay bayang may matigas na batok; baka ikaw ay aking lipulin sa daan. **4** At ng mariug ng bayan ang mga masamang balitang ito, sila'y nanangis: at walang tawong nagsuot ng kaniyang mga gayak. **5** At sinabi ng PANGINOON kay Moises: Sabihin mo sa mga anak ng Israel: Kayo'y isang bayang may matigas na batok: kung ako'y sumampa sa gitna mo na sandali, lilipulin kita: kaya't ngayo'y alisin mo ang iyong gayak sa iyo upang aking malamang kung anong aking gagawin sa iyo. **6** At ng mga anak ng Israel ay naghubad ng kanilang gayak mula sa bundok ng Horeb.

**7** At kinaugalian nga ni Moises na kunin ang dampa at itayo sa labas ng kamento na malayo sa kamento; at kaniyang tinawag: Dampa ng kapisanan. At nangyari, na baw't magsisiyasat sa PANGINOON ay lumalabas na pumaparon sa dampa ng kapisanan, na nasa labas ng kamento. **8** At nangyari, pagka si Moises ay lumalabas na napasa sa Dampa, na ang boong bayan ay bumabangon at tumatayo, baw't lalaki sa pintuan ng kaniyang dampa at pinanood si Moises hangang sa makapasok sa Dampa. **9** At nangyari, pagka si Moises ay pumapasok sa Dampa, ang haliging alapaap ay bumababa, at tumitigil sa pintuan ng Dampa: at ang PANGINOON ay nakikipagsalitaan kay Moises. **10** At nakikita ng boong bayan ang haliging alapaap na tumitigil sa pintuan ng Dampa: at ang boong bayan ay tumitigil at sumasamba, na baw't isa'y sa *tubi* ng pintuan ng kaniyang dampa. **11** At nakikipagsalitaan ang PANGINOON kay Moises ng mukhaan, gaya ng isang tawong nakikipagsalitaan sa kani-

yang kaibigan. At siya'y nagbabalik uli sa kampo; datapua't ang kaniyang tagapamahalang si Josue, na anak ni Nun, na isang binata, hindi umaalis sa Dampa.

**12** At sinabi ni Moises sa PANGINOON: Tingnan mo, iyong sinasabi sa aking: Isampa mo ang bayang ito: at hindi mo ipinakilala sa akin kung sino *yaong* susuguin mo na kasama ko. Gayon ma'y iyong sinabing: Aking nakilala kita sa pangalan, at ikaw man ay nakasumpong ng biyaya sa aking paningin. **13** Ngayon nga, isinasamo ko sa iyo kung ako'y nakasumpong ng biyaya sa iyong paningin, ituro mo sa akin ngayon ang iyong mga daan, upang ikaw ay aking makilala, na ano pa't ako'y makasumpong ng biyaya sa iyong paningin: at akalain mo, na ang nacingon ito ay iyong bayan. **14** At kaniyang sinabing: Ang aking pagharap ay yayaong *kasama mo*, at ikaw ay aking bitigyan ng kapahingahan. **15** At siya'y nagsabi sa kaniyang: Kung ang iyong pagharap ay hindi yayaong *kasama ko* ay huag mo na kaming pasampahin mula rito. **16** Sapagka't saan ngayon makilalala na ako'y nakasumpong ng biyaya sa iyong paningin, ako at ang iyong bayan? ; hindi ba dahil sa ikaw ay lumalakad na kasama namin, upang kami ay maging hiwalay, ako at ang iyong bayan, sa lahat ng bayan na nasa balat ng lupa?

**17** At sinabi ng PANGINOON kay Moises: Akin naman gagawin ang bagay na ito na iyong sinalita; sapagka't ikaw ay nakasumpong ng biyaya sa aking paningin, at ikaw ay aking nakilala sa pangalan. **18** At sinabi ni Moises; Ipakita mo sa akin, isinasamo ko sa iyo, ang iyong kaulathatian. **19** At kaniyang sinabing: Aking papangyarihin ang aking boong kabutihan sa harap mo, at aking isisigaw ang pangalan ng PANGINOON sa harap mo; at ako'y magkaloob ng *biyaya* sa kanino mang aking ibig pagkalooban, at ako'y magmamaawain sa kanino mang aking ibig kaawaan. **20** At kaniyang sinabing: Hindi mo makikita ang aking mukha: sapagka't hindi maaaring makita ako ng tawo at nabuhay. **21** At sinabi ng PANGINOON: Narito, may isang lugar sa tabi ko, at ikaw ay tatayo sa ibabaw ng bato: **22** at mangyayari, samantalang ang aking kaulathatian ay nangyayari, na aking ilalagay kita sa isang guang ng bato, at tatakpan kita ng aking kamay hangang sa ako'y makaraan: **23** at aking aalisin ang aking kamay, at iyong maki-

kita ang aking likod: datapua't ang aking mukha ay hindi makikita.

**34** At sinabi ng PANGINOON kay Moises: Humichura ka ng dalawang tablang bato na gaya ng una: at aking isusulat sa mga tabla ang mga salita na nasa unang mga tabla, na iyong sinira. **2** At iyong ihanda sa kinanunagahan, at sumampa ka sa kinanunagahan sa bundok ng Sinai at humarap ka roon sa akin sa taluktok ng bundok. **3** At sino mang tawo ay huag sasampang kasama mo, o makakakita ng sino mang tawo sa bundok; kahi't ang mga kawan at ang mga bakahan ay huag sumabsab sa harap ng bundok na yaon. **4** At siya'y humichura ng dalawang tablang bato na gaya ng una; at nagbangon si Moises na maaga sa kinanunagahan, at sumampa sa bundok ng Sinai, gaya ng iniutos ng PANGINOON sa kaniya, at kinuha sa kaniyang kamay ang dalawang tablang bato. **5** At ang PANGINOON ay bumaba sa alapaap, at tumayong kasama niya roon at inihayag ang pangalan ng PANGINOON. **6** At ang PANGINOON'y nagdaan sa harap niya, na inihayag: **1** Ang PANGINOON, ang PANGINOON! Dios na puspos ng kahabagan at mapagkaloob, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kaawaan at katotohanan; **7** na gumagamit ng kaawaan sa libolibo na nagpapatawad ng kasam-an, at ng pagsalangsang, at ng kasalanan: at sa ano mang paraan ay hindi aaring walang sala ang *sularin*; na dinadalaw ang kasam-an ng mga ama sa mga anak, at sa mga anak ng mga anak, *hangang* sa ikatlo at ikaapat na lahi. **8** At nagmadali si Moises, at itinungo ang kaniyang ulo sa lupa, at sumamba. **9** At kaniyang sinabing: Kung ngayo'y nakasumpong ako ng biyaya sa iyong paningin, oh PANGINOON, ipahintulot ng PANGINOON, isinasamo ko sa iyo, na pumaroon sa gitna namin, sapagka't isang bayang may matigas na batok; at ipatawad mo ang aming kasam-an, at ang aming kasalanan, at ariin mo kaming iyong mana. **10** At kaniyang sinabing: Narito, ako'y gumagawa ng tipan sa harap ng iyong boong bayan at gagawa ako ng mga kababalaghan, na kailan ma'y hindi ginawa sa boong lupa, o sa alin mang nacion: at ang boong bayan sa gitna ng iyong kinaroroonan ay makakakita ng gawa ng PANGINOON, sapagka't kakilakilabot na bagay ang aking gagawin sa pamamagitan mo. **11** Tuparin mo ang mga iniuutos ko sa iyo sa araw na ito: narito,

aking pinalalayas sa harap mo ang Amoreo, at ang Kananeo, at ang Heteo, at ang Perezeo, at ang Heveo, at ang Jebuseo. **12** Mag-ingat ka, baka ikaw ay makipagkatipan sa mga tumatahan sa lupain, baka maging isang silo sa gitna mo: **13** kungdi inyong iwawasak ang kanilang mga altar, at inyong pagpipirapirasuhin ang kanilang mga larawan, at inyong pagpuputolputolin ang kanilang mga Ashera: **14** sapagka't hindi ka sasamba sa ibang dios: sapagka't ang PANGINOON na ang pangalan ay Mapanibughuin; siya nga'y Mapanibughuing Dios: **15** Mag-ingat ka, baka ikaw ay makipagtipan sa mga tumatahan sa lupain, at sila'y makikiapid na sumunod sa kanilang mga dios, at magsisipaghayin sa kanilang mga dios, at baka ikaw ay tawagin ng isa at kumain ng kanilang hayin; **16** at ikaw ay kumuhang ng kanilang mga anak na babaye para sa iyong mga anak na lalaki, at ang kanilang mga anak na babaye ay makiapid na sumunod sa kanilang mga dios at papakiipirin ang inyong mga anak na sumunod sa kanilang mga dios. **17** Huag kang gagawa para sa iyo ng mga dios na binubo. **18** Ang kapistahan ng tinapay na walang lewadura ay iyong ipangilingin. Pitong araw na kakain ka ng tinapay na walang lewadura gaya ng iniutos ko sa iyo, sa takdang panahon sa buan ng Abib: sapagka't sa buan ng Abib umalis ka sa Egipto. **19** Yaong lahat na nagbubukas ng bahaybata ay akin; at gayon din sa lahat ng hayop na lalaki, ang panganay ng baka at ng tupa. **20** At ang panganay ng isang asno ay iyong tutubusin ng isang cordero: at kungdi mo tutubusin ay iyo nging babalihin ang kaniyang leeg. Lahat ng panganay sa iyong mga anak ay iyong tutubusin. At walang lalapit sa harapan ko na walang dala. **21** Anim na araw na gagawa ka, ngunit sa ikapitong araw ay magpapahinga ka: sa panahon ng pagbubukid at sa pag-aani ay magpapahinga ka. **22** At iyong ipangilingin ang kapistahan ng mga sanlingo, ang sa mga unang bunga ng pag-aani ng trigo, at ang kapistahan ng pag-aani sa katapusan ng taon. **23** Makaitlo nga sa isang taon na haharap ang lahat ng iyong mga lalaki sa PANGINOONG DIOS, na Dios ng Israel. **24** Sapagka't aking palalawasan ang mga nasyon sa harap mo, at aking palalaparin ang iyong mga hanganan: at hindi pagnanasaan ng sino man ang iyong lupain,

pagka ikaw ay pumapanhik na humaharap sa PANGINOONG IYONG DIOS, na makaitlo sa isang taon. **25** Huag kang maghahandog ng dugo ng hayin sa akin, na kasabay ng tinapay na may lewadura; o magtitira man ng hayin sa kapistahan ng paskua hangang sa kinaumagahan. **26** Ang pinakaunang bunga ng iyong lupa ay iyong dadalhin sa bahay ng PANGINOONG IYONG DIOS. Huag mong luluuin ang anak ng kambing sa gatas ng kaniyang ina. **27** At sinabi ng PANGINOON kay Moises: Isulat mo ang mga salitang ito: sapagka't ayon sa tunog ng mga salitang ito, gumawa ako ng tipan sa iyo at sa Israel. **28** At siya'y natira roong kasama ng PANGINOON, na apat na puong araw at apat na puong gabi; hindi man siya kumain ng tinapay, o uminom man ng tubig. At isinulat ng Paniginon sa mga tabla ang mga salita ng tipan, ang sampuung utos.

**29** At nangyari, ng bumaba si Moises sa bundok ng Sinai, na dala ang dalawang tabla ng patotoo, sa kamay ni Moises, ng bumaba sa bundok, hindi nalalaman ni Moises na ang balat ng kaniyang mukha ay nagliliwanag dahil sa pakikipag-usap niya sa kaniya. **30** At ng makita ni Aaron at ng lahat na mga anak ng Israel si Moises, narito, ang balat ng kaniyang mukha ay nagliliwanag; at sila'y natakot na lumapit sa kaniya. **31** At tinawag sila ni Moises, at si Aaron at ang lahat ng mga puno sa Israel ay nagbalik sa kaniya: at si Moises ay nag-salita sa kanila. **32** At pagkatapos, ang lahat ng mga anak ng Israel ay lumapit: at kaniyang ibinigay sa kanilang utos ang lahat ng salita ng PANGINOON sa kaniya sa bundok ng Sinai. **33** At pagkapagsalita sa kanila ni Moises ay naglagay siya ng isang lambong sa kaniyang mukha. **34** Datapna't pagka si Moises ay pumapasok sa harap ng PANGINOON upang makipagsalitaan sa kaniya, siya'y nag-aalis ng lambong hangang siya'y makaalis; at siya'y lumalabas at kaniyang sinasalita sa mga anak ng Israel ang iniutos sa kaniya; **35** at nakikita ng mga anak ng Israel ang mukha ni Moises, na ang balat ng mukha ni Moises ay nagliliwanag, at inilagay uli ni Moises ang lambong sa ibabaw ng kaniyang mukha, hangang sa siya'y makapasok na nakikipagsalitaan sa kaniya.

**35** At tinipon ni Moises ang boong kapulungan ng mga anak ng

Israel, at sinabi sa kanilang: Ito ang mga salita na iniutos ng PANGINOON, na inyong mga gagawin. **2** Anim na araw na gagawa, datapua't ang ikapitong araw ay aariin ninyong isang santong araw, isang sabadong dakilang kapahingahan sa PANGINOON: sino mang gumawa ng ano mang gagawin sa araw na yaon ay papatayin. **3** Huag kayong magpapapangas ng apoy sa inyong boong tahanan sa araw ng sabado.

**4** At nagsalita si Moises sa boong kapulungan ng mga anak ng Israel, na nagsabing. Ito ang bagay na iniutos ng PANGINOON, na sinabing: **5** Magsikuha kayo sa inyo ng isang handog para sa PANGINOON: sino mang may kusang loob, magdala ng handog sa PANGINOON; ginto, at pilak at tanso; **6** at kayong azul, at morado, at eskarlata, at kayong pinong puti, at balahibo ng kambing; **7** at mga balat ng tupang lalaki na tinina sa pula, at mga balat ng foka, at kahoy na acacia; **8** at langis para sa ilawan, at mga pabanggo para sa langis na pangpahid, at para sa mabangong kamanyan; **9** at mga batong onix, at mga batong pangkalupkop, para sa efod, at para sa pektoral. **10** At pumarito ang bawat marunong na may magandang loob, na nasa kasamahan ninyo, at gawin ang lahat ng iniutos ng PANGINOON; **11** ang tabernakulo, ang dampa, at ang takip noon, ang mga kawit noon, at ang mga tabla noon, ang mga barakilan noon, ang mga haligi noon, at ang mga tungtungan noon; **12** ang kaban, at ang mga pinga noon, ang loklekan ng awa, at ang lambong ng tabing; **13** ang dulang, at ang mga pinga noon, at ang lahat ng kasangkapan noon, at ang tinapay na handog; **14** ang kandelerero, rin naman para sa ilaw, at ang mga kasangkapan noon, at ang mga ilawan noon, at ang langis para sa ilawan; **15** at ang altar ng kamanyan, at ang mga pinga noon, at ang langis na pangpahid, at ang mabangong kamanyan, at ang tabing sa pintuan, sa pintuan ng tabernakulo; **16** ang altar ng handog na susunugin, sampuo ng salang tanso, ang mga pinga noon, at lahat ng kasangkapan noon, ang hugasan at ang tungtungan noon; **17** ang mga tabing sa looban, ang mga haligi noon, at ang mga tungtungan ng mga yaon, at ang tabing sa pintuan ng looban; **18** ang mga tules ng tabernakulo, at ang mga tulos ng looban, at ang mga panali ng mga yaon; **19** ang mga kasutang

may burda para sa pamamahala sa santong lugar, ang mga santong kasuotan kay Aaron na sacerdote, at ang mga kasuotan ng kaniyang mga anak, upang mamahala sa katungkulang sacerdote.

**20** At ang boong kapulungan ng mga anak ng Israel ay umalis sa harap ni Moises. **21** At sila'y lumapit, lahat ng tawo na inudyukan ang puso, at lahat na pinapagkusa ng kaniyang espiritu, at nagdala ng handog sa PANGINOON, para sa gagawin sa dampa ng kapisanan, at para sa boong kalingkuran, at para sa mga santong kasuotan. **22** At sila'y naparoon, mga lalaki at gayon din ang mga babaye, yaong lahat na nagkaroon ng kusang loob, at nagdala ng mga kawit, at ng mga hikaw, at ng mga singsing na takda, at ng mga pulsera; na ano pa't lahat ng hiyas na ginto; sa lahat na naghandog ng isang handog na ginto sa PANGINOON. **23** At bawat tawo na nakasumpung ng kayong azul, at morado, at eskarlata, at pinong kayong puti, at balahibo ng mga kambing, at balat ng mga tupa na tinina sa pula, at ng mga balat ng foka, mga nagdala. **24** Ang lahat na naghandog ng handog na pilak at tanso, ay dinalang handog sa PANGINOON: at lahat ng tawo na nakasumpung ng kahoy na acacia para sa ano mang gagawin sa kalingkuran ay dinala. **25** At lahat ng babayeng matalino nagsisihabi ng kanilang mga kamay, at nagdadala ng kanilang mga hinahabi, na kayong azul, at morado, at eskarlata, at pinong kayong puti. **26** At lahat ng babaye na ang kanilang puso ay inudyukan sa karunungan, nagsisihabi ng balahibo ng mga kambing. **27** At ang mga puno ay nagdala ng mga batong onix, at ng mga batong pangkalupkop, para sa efod, at para sa pektoral; **28** at ng mga pabanggo, at ng langis; para sa ilawan, at para pangpahid na langis, at para sa mabangong kamanyan. **29** Ang mga anak ng Israel ay nagdala ng kusang handog sa PANGINOON; lahat ng lalaki at babaye, na ang puso'y nagkusang nagdala para sa lahat na gagawin, na iniutos ng PANGINOON sa pamamagitan ni Moises na gawin.

**30** At sinabi ni Moises sa mga anak ng Israel: Tingnan ninyo, tinawag ng PANGINOON sa pangalan si Bezalel na anak ni Uri, na anak ni Hur, sa angkan ni Juda; **31** at kaniyang pinuspos siya ng espiritu ng Dios, tungkol sa karunungan, sa pagkakilala, at sa kaalaman, at sa

lahat ng sarisaring gagawin; **32** at upang kumatha ng mga gawang kaaya-aya, upang gumawa sa ginto, at sa pilak, at sa tanso, **33** at sa pagguhít ng mga batong pangkalupkop, at sa pag-ukit sa kahoy, upang gumawa sa lahat ng sarisaring gawang kaayaaya. **34** At inilagay sa kaniyang puso ang *katalinuhan*, na siya'y makapagturo, siya at gayon din si Aholiab, na anak ni Ahisamak, sa angkan ni Dan. **35** Sila'y kaniyang pinuspos ng karunungang may kagandahang loob, upang gumawa ng lahat na sarisaring gawa ng taga ukít, at taga katha, at ng mangbuburda sa *kayong* azul, at sa morado, sa eskarlata, at sa kayong pinong puti, at ng manghahabi, ng mga gumagawa ng ano mang gagawin, at ng mga kumakatha ng mga gawa na kaayaaya.

**36** At si Bezalel at si Aholiab ay gagawa, at lahat ng marunong na pinagkalooban ng PANGINOON ng karunungan at pagkakilala na malaman kung paanong paggawa ng lahat na gagawin para sa paghilingkod sa santuario, ayon sa lahat ng iniutos ng PANGINOON.

**2** At tinawag ni Moises si Bezalel at si Aholiab, at lahat ng marunong na mga pinagkalooban ng PANGINOON ng karunungan sa puso, lahat ng may puso na naudyed na punaroon sa gagawin upang gawin: **3** at kanilang tinangap kay Moises ang lahat ng handog na dinala ng mga anak ng Israel para sa gagawin sa kalingkuran sa santuario; upang gawin. At sila'y nagdadala pa sa kaniya ng kusang handog tuing umaga. **4** At lahat ng tabing marunong, na gumagawa ng lahat na gagawin sa santuario, naparoon ang bawát tawo na iniwan ang kanilang gagawin na kanilang ginagawa; **5** at sila'y nagsalita kay Moises, na nagsabing: Ang bawát nagdadala ng higit kay sa kinakailangan para sa kalingkuran sa gagawin, na iniutos ng PANGINOONG gawin. **6** At si Moises ay nagbigay ng utos at ipinagtawag nila sa boong kamento, na sinabing: Huag ng gumawa ang lalaki o ang babaye man ng ano mang gagawin na handog sa santuario. Na ano pa't sinang-sala na ang bayan ay magdala pa. **7** Sa-pagka't ang kagamitan na mayroon sila ay sapat na sa lahat ng gagawin na gagawin, at higit pa.

**8** At bawát marunong sa gumagawa ng gagawin, ay gumawa ng tabernakulo na may sampuon tabing; na kayong pinong puting torzal, at *kayong* azul, at morado,

at eskarlata na may mga kerubin na yari ng bihasang mangagawa mga ginawa. **9** Ang haba ng bawát tabing ay dalawang puot walong siko, at ang luang ng bawát tabing ay apat na siko: lahat ng tabing ay magkakaisang sukat. **10** At pinapagsugpong na isa't isa ang limang tabing, at ang ibang limang tabing ay pinapagsugpong na isa't isa. **11** At siya'y gumawa ng mga presillang azul sa hanganan ng unang tabing, sa hanganan ng pagkakasugpong: gayon din siya'y gumawa sa hanganan ng tabing na nasa dulo ng ikalawang pagkakasugpong. **12** Limang puong presilla ang ginawa niya sa isang tabing, at limang puong presilla ang ginawa niya sa tabing na nasa ikalawang pagkakasugpong: ang mga presilla ay nagkakatatap na isa't isa. **13** At siya'y gumawa ng limang puong kawit na ginto, at pinapagsugpong ang mga tabing na ang isa'y sa isa, sa pamamag-itan ng mga kawit; sa gayo'y ang tabernakulo ay uaging isa. **14** At siya'y gumawa ng mga tabing na balahibo ng mga kambing para sa dampa na nasa ibabaw ng tabernakulo: labing isang tabing ang ginawa niya. **15** Ang haba ng bawát tabing ay tatlong puong siko, at apat na siko ang luang ng bawát tabing: ang labing isang tabing ay magkakaisa ng sukat. **16** At kaniyang pinapagsugpong ang limang tabing na isa't isa, at ang anim na tabing na isa't isa. **17** At siya'y gumawa ng limang puong presilla sa hanganan ng unang tabing, sa dulo ng pagkakasugpong, at limang puong presilla ang ginawa niya sa hanganan ng tabing na nasa dulo ng ikalawang pagkakasugpong. **18** At siya'y gumawa ng limang puong kawit na tanso ng papagsugpongin ang dampa, upang maging isa. **19** At siya'y gumawa ng isang pantakip sa dampa na balat ng mga tupa na tinina sa pula, at ng isang takip na balat ng foka sa ibabaw.

**20** At siya'y gumawa ng mga tabla para sa tabernakulo na kahoy na acacia na mga patayo. **21** Sampuon siko ang haba ng isang tabla, at isang siko't kalahati ang luang ng bawát tabla. **22** Bawát tabla'y mairoong dalawang mi-cha na nagkakasugpong na isa't isa: gayon ang ginawa niya sa lahat ng tabla ng tabernakulo. **23** At kaniyang ginawa ang mga tabla para sa tabernakulo; dalawang puong tabla sa tagilirang timugan na dakong timugan: **24** at siya'y gumawa ng apat na puong tungtungang pilak upang ilagay sa ilalim

ng dalawang puong tabla; dalawang tungtungan sa ilalim ng isang tabla na ukol sa kaniyang dalawang mi-cha; at dalawang tungtungan sa ilalim ng isang tabla na ukol sa kaniyang dalawang mi-cha. **25** At sa ikalawang tagiliran ng tabernakulo sa dakong hilagaan, gumawa siya ng dalawang puong tabla, **26** at ng kanilang apat na puong tungtungan pilak; dalawang tungtungan sa ilalim ng isang tabla, at dalawang tungtungan sa ilalim ng ibang tabla. **27** At sa dakong hulihan ng tabernakulo, sa kalunuran ay gumawa siya ng anim na tabla. **28** At dalawang tabla ang ginawa niya sa mga sulok ng tabernakulo sa dakong hulihan. **29** Na mga nasusugpong sa *tablang naukol* sa dakong ibaba at nauugnay na mainam hangang sa itaas, sa isang argolla: gayon ginawa niya sa dalawa, sa dalawang sulok. **30** At mairoeng walong tabla, at ang mga tungtungan pilak, labing anim na tungtungan; sa ilalim ng bawat tabla ay dalawang tungtungan. **31** At siya'y gumawa ng mga barakilan na kahoy na acacia: lima para sa mga tabla sa isang tagiliran ng tabernakulo; **32** at limang barakilan para sa mga tabla sa kabilang tagiliran ng tabernakulo, at limang barakilan para sa mga tabla ng tabernakulo sa dakong hulihan na dakong kalunuran. **33** At kaniyang pinaraan ang gitnang barakilan sa gitna ng mga tabla, mula sa isang dulo hangang sa kabila. **34** At kaniyang binalot ang mga tabla ng ginto, at gininto niya ang kanilang mga argolla na mga daraanan ng mga barakilan, at binalot ang mga barakilan ng ginto.

**35** At kaniyang ginawa ang lambong na *kayong* azul, at morado, at eskarlata, at kayong pinong puting torzal na may mga kerubin na gawa ng bihasang mangagawa. **36** At kanilang iginawa ng apat na haliging acacia, at mga binalot ng ginto. Ang kanilang mga sima ay ginto rin; at kaniyang mga ipinagbubo ng apat na tungtungan na pilak. **37** At kaniyang iginawa ng tabing ang puituan ng Dampa, na *kayong* azul, at morado, at eskarlata, at kayong pinong puting torzal, na yari ng mangbuburda; **38** at iginawa niya ng limang haligi sampuo ng kanilang mga sima: at kaniyang binalot ang mga kapitil at ang kanilang mga filete ng ginto: at ang kanilang limang tungtungan ay tauaso.

**37** At gumawa si Bezalel ng kabang kahoy na acacia: na may dalawang siko't kalahati ang haba, at may isang siko't kalahati ang luang noon, at may isang siko't kalahati ang taas noon; **2** at kaniyang binalot ng taganas na ginto sa loob at sa labas, at iginawa ng isang kornisang ginto sa palibot. **3** At ipinagbubo niya ng apat na argollang ginto, sa apat na sulok noon; dalawang argolla sa isang tagiliran, at dalawang argolla sa kabilang tagiliran. **4** At siya'y gumawa ng mga pinga na kahoy na acacia, at mga binalot ng ginto. **5** At isinuot ang mga pinga sa mga argolla, sa mga tagiliran ng kaban, upang dalhin ang kaban. **6** At gumawa siya ng isang loklokan ng awa na taganas na ginto: na may dalawang siko't kalahati ang haba, at may isang siko't kalahati ang luang. **7** At siya'y gumawa ng dalawang kerubing ginto; na yari sa pamukpok ginawa niya, sa dalawang tagiliran ng loklokan ng awa; **8** isang kerubin sa isang tagiliran, at isang kerubin sa kabilang tagiliran: na kapieza ng loklokan ng awa, ginawa niya ang mga kerubin sa dalawang tagiliran. **9** At ibinubuka ng mga kerubin ang mga pakpak na paitaas, na nililiman ang loklokan ng awa ng kanilang mga pakpak, na nagkakaharap ang kanilang mukha, sa dakong loklokan ng awa nakaharap ang mga mukha ng mga kerubin.

**10** At siya'y gumawa ng dulang na kahoy na acacia: na may dalawang siko ang haba noon, at isang siko ang luang noon, at isang siko't kalahati ang taas noon. **11** At binalot niya ng taganas na ginto, at iginawa niya ng isang kornisang ginto sa palibot. **12** At iginawa niya ng isang gilid na may isang kamay ang luang sa palibot, at iginawa ng isang ginintong kornisa ang gilid sa palibot. **13** At ipinagbubo ng apat na argollang ginto, at inilagay ang mga argolla sa apat na sulok na ukol sa apat noon. **14** Nasa malapit sa gilid ang mga argolla, na daraanan ng mga pinga, upang mabuhat ang dulang. **15** At ginawa niya ang mga pinga na kahoy na acacia, at mga binalot ng ginto, upang mabuhat ang dulang. **16** At ginawa niyang taganas na ginto ang mga kasangkapang nasa ibabaw ng dulang; ang mga pinga noon, at ang mga kuchara noon, at ang mga tasa noon, at ang mga kopa noon, na pagbubuhusan.

**17** At kaniyang ginawa ang kandelero

na taganas na ginto : yari sa pamukpok ginawa niya ang kandelero, ang tungtungan noon at ang haligi noon; ang mga kopa noon, ang mga globito noon, at ang mga bulaklak ay kapieza noon: **18** At may amin na sangang lumalabas sa *dalawang* tagiliran noon; tatlong sangang kandelero ay sa isang tagiliran, at tatlong sangang kandelero ay sa kabilang tagiliran: **19** Tatlong kopang anyong bulaklak ng almendro sa isang sangang, isang globito at isang bulaklak; at tatlong kopang anyong bulaklak ng almendro sa kalilang sangang, isang globito at isang bulaklak: gayon sa anim na sangang lumalabas sa kandelero. **20** At sa puno ng kandelero'y may sumusund na apat na kopang anyong bulaklak ng almendro, sampuo ng mga globito noon, at ng mga bulaklak noon: **21** At may isang globito sa ilalim ng dalawa sa mga sangang na kapieza noon, at isang globito sa ilalim ng *kabilang* dalawa sa mga sangang na kapieza noon, at isang globito sa ilalim ng dalawang sangang na kapieza noon, sapagkat ang anim na sangang ay lumalabas doon. **22** Ang mga globito at ang mga sangang ay kapieza ng *kandelero*: ang kabuhat'y isa lamang pinde na yari sa pamukpok, taganas na ginto. **23** At kaniyang ginawa ang mga ilawan noon, pito, at ang mga pangupit noon, at ang mga pingan noon, na taganas na ginto. **24** Na isang kintal na taganas na ginto mga ginawa niya, at ang labat na kasangkapan noon.

**25** At kaniyang ginawa ang altar ng kamanyan na kahoy na acacia: isang siko ang haba noon, at isang siko ang luang noon, kuadrado: at dalawang siko ang taas noon; ang mga sungay noon ay kapieza noon. **26** At kaniyang binalot ng taganas na ginto ang ibabaw noon, at ang mga tagiliran noon sa palibot, at ang mga sungay noon: at kaniyang iginawa ng isang kornisang ginto sa palibot. **27** At iginawa niya ng dalawang gintong argolla sa ilalim ng kornisa, sa ibabaw ng dalawang sulok, sa ibabaw ng dalawang tagiliran, na pagdaraanang ng mga pinga upang mabuhat. **28** At kaniyang ginawa ang mga pinga na kahoy na acacia, at mga binalot ng ginto. **29** At kaniyang ginawa ang santong langis na pangpahid, at ang taganas na kamanyan na mga mainam na pabango, ayon sa katha ng magpapabango.

**38** At kaniyang ginawa ang altar ng handog na susunugin na kahoy

na acacia: limang siko ang haba noon, at limang siko ang luang noon, kuadrado, at tatlong siko ang taas noon. **2** At kaniyang ginawa ang mga sungay noon sa ibabaw ng apat na sulok noon; ang mga sungay noon ay kapieza noon: at kaniyang mga binalot ng tanso. **3** At kaniyang ginawa ang lahat ng kasangkapan ng altar: ang mga kawa at ang mga pala, at ang mga mankok, ang mga pangalawit, at ang mga dupungan: lahat ng kasangkapan ay kaniyang ginawang tanso. **4** At kaniyang iginawa ang altar ng isang pinakasalang tanso na ayos lambat, sa ilalim ng gilid ng altar sa palibot noon sa ibaba, na umaabot hangang sa kalahatian ng altar. **5** At siya'y nagbubo ng apat na argolla para sa apat na sulok ng pinakasalang tanso, sa mga lugar na *daraan* ng mga pinga. **6** At siya'y gumawa ng mga pinga na kahoy na acacia, at mga binalot ng tanso. **7** At kaniyang isinuot ang mga pinga sa mga argolla sa mga tagiliran ng altar, upang mabuhat; sa guang ng tabla kaniyang ginawa ang altar.

**8** At kaniyang ginawa ang hugasan na tanso, at ang tungtungan noon'y tanso, na niyari sa mga salamin ng mga tagapalingkod na babaye na naglilingkod sa pintuan ng dampa ng kapulungan.

**9** At kaniyang ginawa ang looban: sa tagilirang timugan na dakong timugan ang tabing ng looban ay mga kayong pinong puting torzal na may isang daang siko: **10** ang mga haligi ng mga yao'y dalawang puo, at ang mga tungtungan ay dalawang puo, tanso; ang mga sima ng mga haligi at ang mga filete ay pilak. **11** At sa dakong hilagaan ay may isang daang siko, ang mga haligi ay dalawang puo, at ang mga tungtungan ay dalawang puo, tanso; ang mga sima ng mga haligi at ang mga filete ay pilak. **12** At sa tagilirang kalunuran may mga tabing na may limang puong siko, ang mga haligi ay sampuo, at ang mga tungtungan ay sampuo; ang mga sima ng mga haligi at ang mga filete ay pilak. **13** At sa tagilirang silanganan na dakong silanganan ay may limang puong siko. **14** Ang mga sampay sa isang dako ng pintuang-daan ay may labing limang siko; ang mga haligi ay tatlo, at ang mga tungtungan ay tatlo; **15** at gayon din sa kabilang dako: sa dakong ito at sa dakong yaon ng pintuang-daan ng looban ay may mga tabing na tiglalabing limang siko; ang mga haligi ay tatlo, at ang mga tungtungan ay



tatlo. **16** Lahat ng tabing ng looban sa palibot, ay kayong pinong puting torzal. **17** Ang mga tungtungan para sa mga haligi ay tanso; ang mga sima ng mga haligi at ang mga filete ay pilak, at ang mga balot ng mga kapitel ay pilak; at ang lahat ng haligi ng looban ay naffiletehan ng pilak. **18** At ang tabing sa pintuangdaan ng looban ay yari ng mangbuburda, na *kayong* azul, at morado, at eskarlata, at kayong pinong puting torzal: at may dalawang puong siko ang haba, at ang taas sa luang ay may limang siko, na kabagay ng mga tabing sa looban. **19** At ang mga haligi ay apat, at ang mga tungtungan ay apat, tanso; ang mga sima ay pilak, at ang mga balot ng kapitel, at ang mga filete ay pilak. **20** At lahat ng tulos ng tabernakulo, at ng looban sa palibot, ay tanso.

**21** Ito ang mga bilang ng mga bagay para sa tabernakulo, sa tabernakulo ng patoto, gaya ng binilang nila, ayon sa utos ni Moises (para sa paglilingkod ng mga Levita) sa pamamag-itan ni Itamar, na anak ni Aaron na sacerdote. **22** At si Bezalel na anak ni Uri, na anak ni Hur, sa angkan ni Juda ay ginawa yaong lahat na iniutos ng PANGINOON kay Moises. **23** At kasama niya si Aholiab, na anak ni Ahisamak, sa angkan ni Dan, na tagapag-ukit at bihasang mangagawa at mangbuburda sa azul, at sa morado, at sa eskarlata, at sa kayong pinong puti.

**24** Lahat ng ginto na ginamit sa gagawin sa boong gagawin sa santuario, ang gintong handog, ay dalawang puo't siam na talento, at pitong daan at tatlong puong siklo, ayon sa siklo ng santuario. **25** At ang pilak niyaong mga nabilang sa kapulungan ay isang daang talento, at isang libo't pitong daan at pitong puo't limang siklo, ayon sa siklo ng santuario: **26** na tig-isang beka bawa't ulo, na kalahati ng isang siklo, ayon sa siklo ng santuario, sa bawa't isa na nasanib sa mga nabilang, magmula sa dalawang puong taong gulang hangang sa katandataandaan, sa anim na raang at tatlong libo at limang daan at limang puong lalaki. **27** At ang isang daang talento na pilak ay ginamit sa pagbububo ng mga tungtungan ng santuario, at ng mga tungtungan ng mga haligi ng lambong; isang daang tungtungan sa isang daang talento, isang talento sa bawa't tungtungan. **28** At sa isang libo't pitong daan at pitong puo't limang siklo, ipinagawang sima sa mga haligi at

binalot ang mga kapitel, at mga iginawa ng mga filete. **29** At ang tansong handog ay pitong puong talento, at dalawang libo at apat na raang siklo. **30** At siyang mga ipinag-gawa ng mga tungtungan sa pintuan ng dampa ng kapisanan, at ng altar na tanso, at ang pinakasalang tanso noon, at ng lahat ng kasangkapan ng altar; **31** at ng mga tungtungan ng looban sa palibot, at ng mga tungtungan ng pintuan ng looban, at ng lahat ng tulos ng tabernakulo, at ng lahat ng tulos ng looban sa palibot.

**39** At sa *kayong* azul, at marado, at eskarlata, gumawa sila ng mga kasuotang gawang mabuti sa pamamahala sa santong lugar, at gumawa ng mga santong kasuotan kay Aaron; gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises.

**2** At kaniyang ginawa ang efod na ginto, ng *kayong* azul, at morado, at eskarlata, at kayong pinong puting torzal. **3** At kanilang pinukpok ang ginto na pinanipis na lamina, at mga pinutol na ginawang hilong *ginto* upang mga itahit sa *kayong* azul, at sa morado, at sa eskarlata at sa pinong *kayong* puti na gawa ng bihasang mangagawa. **4** Kanilang iginawa ng mga pangbalikat, na nagkakasugpong: sa dalawang dulo ay nagkaka-sugpong. **5** At ang mainam na pagkayaring pamigkis, na nasa ibabaw ng *efod* upang ibigkis, ay kapieza at gaya ng pagkayari ng *efod*; na ginto, at *kayong* azul, at marado, at eskarlata, at kayong pinong puting torzal; gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises.

**6** At kanilang ginawa ang mga batong onix na pinamutihan ng kalupkop na ginto, na ayos ukit ng isang singsing na tanda, ayon sa mga pangalan ng mga anak ng Israel. **7** At kaniyang inilagay sa ibabaw ng pangbalikat ng *efod* upang maging mga batong pinakaalaala sa *ikagagaling* ng mga anak ng Israel; gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises.

**8** At kaniyang ginawa ang pektoral, na gawa ng bihasang mangagawa, gaya ng pagkayari ng *efod*; na ginto, at *kayong* azul, at morado, at eskarlata, at kayong pinong puting torzal. **9** Kuadrado; kanilang ginawang nakatiklop ang pektoral: isang dangkal ang haba noon, at isang dangkal ang luang noon, pagkanatiklop. **10** At kanilang kinalupkupan ng apat na hanay na *sarisaring* bato: isang hanay ay sardio, topacio, at karbungko siyang unang bahay. **11** At ang ikala-

wang hanay, isang esmeralda, isang safiro, at isang diamante. **12** At ang ikatlong hanay, isang jacinto, isang agata, at isang ametista. **13** At ang ikaapat na hanay, isang berilo, isang onix, at isang jaspe: na mga natatakpan ng mga pamuting ginto sa kanilang mga pagkakalupkop. **14** At ang mga bato ay ayon sa mga pangalan ng mga anak ng Israel, labingdalawa, ayon sa kanilang mga pangalan; na ayos ukit ng isang singsing na tanda; bawa't isa'y ayon sa kaniyang pangalan, na ukol sa labing dalawang angkan. **15** At kanilang iginawa ang pektoral ng mga tanikalang parang tirintas na ayos siningsing na taganas na ginto. **16** At sila'y gumawa ng dalawang pangkalupkop na ginto, at ng dalawang singsing na ginto; at inilagay ang dalawang singsing sa dalawang dulo ng pektoral. **17** At kanilang ikinabit ang dalawang tanikalang ayos singsing na ginto sa dalawang singsing sa mga dulo ng pektoral. **18** At ang *ibang* dalawang dulo ng dalawang tanikalang ayos singsing ay kanilang ikinabit sa dalawang pangkalupkop, at mga ikinabit sa mga pangbalikat ng efod sa dakong harapan noon. **19** At sila'y gumawa ng *ibang* dalawang singsing na ginto, at mga inilagay sa dalawang dulo ng pektoral sa laylayan noon, na nasa dakong kabaligtaran ng efod. **20** At sila'y gumawa ng dalawang singsing na ginto, at mga ikinabit sa dalawang pangbalikat ng efod sa dakong ibaba, sa may harapan, na malapit sa pagkakasugpong, sa ibabaw ng mainam na pagkayaring pamigkis ng efod. **21** At kanilang itinali ang pektoral sa pamamag-itan ng mga singsing, sa mga singsing ng efod ng isang lazong azul upang mamalagi sa ibabaw ng mainam na pagkayaring pamigkis ng efod, gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises.

**22** At kaniyang ginawa ang balabal ng efod na yari ng manghababi, na taganas na azul; **23** at ang butas ng balabal ay nasa gitna noon na gaya ng leeg ng isang koselete, na may isang uriang tinahi sa palibot ng butas, upang huag mapunit. **24** At kanilang ginawa ang mga ribete ng balabal ng mga granadang *kayong* azul, at morado, at eskarlata, at *kayong* puting torzal. **25** At sila'y gumawa ng mga kampanillang taganas na gito, at inilagay ang mga kampanilla sa pag-itan ng mga granada sa ibabaw ng ribete ng balabal sa palibot, sa pag-itan ng mga granada; **26** isang kampanilla at isang granada,

isang kampanilla at isang granada, sa ibabaw ng ribete ng balabal sa palibot, upang ipamahala; gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises.

**27** At kanilang ginawa ang mga tunika na kayong pinong puti na yaring hinabi para kay Aaron, at sa kaniyang mga anak, **28** at ang mitra na kayong pinong puti, at ang mga mainam na tiara na pinong kayong puti, at ang mga salual na kayong puti na yaring pinong torzal na kayong puti, **29** at ang bigkis na pinong torzal na kayong puti, at *kayong* azul, at morado, at eskarlata, na gawa ng mangbuburda; gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises.

**30** At kanilang ginawa ang lamina ng santong korona na taganas na ginto, at simulatan ng isang titik na ayos ukit ng isang panatak, KASANTOSAN SA PANGINOON. **31** At kanilang itinali ng isang lazong azul, upang papagtibayin sa ibabaw ng mitra; gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises.

**32** Gayon natapos ang boong gagawin sa tabernakulo ng dampa ng kapisanan: at ginawa ng mga anak ng Israel ayon sa lahat na iniutos ng PANGINOON kay Moises gayon ginawa nila.

**33** At kanilang dinala ang tabernakulo kay Moises, ang Dampa at ang lahat ng kasangkapan noon, ang mga kawit, ang mga tabla, ang mga barakilan, at ang mga haligi, at ang mga tungtungan; **34** at ang takip na mga balat ng mga tupa na tinina sa pula, at ang takip na balat ng mga foka, at ang lambong ng tabing; **35** ang kaban ng patotoo at ang mga pinga noon, at ang loklokan ng awa; **36** ang dulong, lahat ng kasangkapan, at ang tinapay na handog; **37** ang dalisay na kandelerero, ang mga ilawan noon, ang mga ilawan na inayos, at lahat ng kasangkapan noon, at ang langis para sa ilawan; **38** at ang altar na ginto, at ang langis na pang-pahid, at ang mabangong kamanyan, at ang tabing para sa pintuan ng Dampa; **39** ang altar na tanso, at ang pinakasalang tanso, ang mga pinga at ang lahat ng kasangkapan, ang lugasan at ang tungtungan; **40** ang mga tabing ng looban, ang mga haligi, at ang mga tungtungan, at ang tabing para sa pintuang-daan ng looban; ang mga panali, at ang mga tulos at lahat ng kasangkapan sa paglilingkod sa tabernakulo, para sa dampa ng kapisanan; **41** ang mga kasuotang ginawang mabuti para sa pamamahala sa santong lugar, at ang mga santong kasuotan para

kay Aarong sacerdote, at ang mga kasuotan ng kaniyang mga anak, upang mamahala sa katungkulang sacerdote. **42** Ayon sa lahat na iniutos ng PANGINOON kay Moises, gayon ginawa ng mga anak ng Israel lahat ng gagawin. **43** At nakita ni Moises ang lahat ng gagawin, at, narito, kanilang ginawa; kung paanong iniutos ng PANGINOON ay gayon ginawa nila: at mga binasbasan ni Moises.

**40** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises na nagsabing: **2** Sa unang araw ng unang buan ay iyong itatayo ang tabernakulo ng dampa ng kapisanan. **3** At iyong isisilid doon ang kaban ng patotoo, at iyong tatabingan ang kaban ng lambong. **4** At iyong ipapasok ang dulang, at iyong aayusin ang mga bagay na nasa ibabaw; at iyong ipapasok ang kandelero; at iyong sisidihan ang mga ilawan noon. **5** At iyong ilalagay ang altar na ginto para sa pangsuob sa harap ng kaban ng patotoo, at ilagay mo ang tabing ng pintuan sa tabernakulo. **6** At iyong ilalagay ang altar ng handog na susunugin sa harap ng pintuan ng tabernakulo ng dampa ng kapisanan. **7** At iyong ilalagay ang hugasan sa pag-itan ng dampa ng kapisanan, at ng altar, at iyong sisidlan ng tubig. **8** At iyong ilalagay ang looban sa palibot, at ibibitin mo ang tabing sa pintuang-daan ng looban. **9** At kukuha ka ng langis na pangpahid, at pahiran mo ang tabernakulo, at lahat na nandoon, at iyong sasantohin, at lahat ng kasangkapan: at magiging santo. **10** At iyong papahiran ng langis ang altar ng handog na susunugin, at ang lahat ng kasangkapan, at iyong papapagingsantohin ang altar: at ang altar ay maging pinakasanto. **11** At iyong papahiran din naman ng langis ang hugasan at ang tungtungan, at iyong papapagingsantohin. **12** At iyong dadalhin si Aaron at ang kaniyang mga anak sa pintuan ng dampa ng kapisanan, at iyong mga paliliguan ng tubig. **13** At iyong isusuot kay Aaron ang mga santong kasuotan; at iyong papahiran ng langis siya, at iyong papagasantohin siya, upang siya'y makapamahala sa akin sa katungkulang sacerdote. **14** At iyong dadalhin ang kaniyang mga anak, at iyong susuotan sila ng mga tunika: **15** at iyong papahiran ng langis sila gaya ng iyong pagkapa-hid sa kanilang ama, upang sila'y makapamahala sa akin sa katungkulang sacerdote: at ang kanilang palid ay maging sa kanila'y pinalatanda ng walang han-

gang pagkasacerdote sa boong panahon ng kanilang lahi. **16** Gayon ginawa ni Moises: ayon sa lahat na iniutos ng PANGINOON sa kaniya, gayon ginawa niya.

**17** At nangyari sa unang buan ng ikalawang taon, ng unang araw ng buan, na ang tabernakulo'y itinayo. **18** At itinayo ni Moises ang tabernakulo, at inilagay ang mga tungtungan at ipinatong ang mga malaking tabla, at isinuot ang mga barakilan, at itinayo ang mga haligi. **19** At kaniyang inunat ang dampa sa ibabaw ng tabernakulo, at kaniyang inilagay ang takip ng dampa sa itaas ng ibabaw noon; gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises. **20** At kaniyang kinuha at inilagay ang mga tabla ng patotoo sa loob ng kaban, at kaniyang inilagay ang mga pinga sa kaban, at kaniyang inilagay ang loklokan ng awa sa itaas ng ibabaw ng kaban: **21** at kaniyang ipinasok ang kaban sa tabernakulo, at inayos ang lambong ng tabing, at tinabingan ang kaban ng patotoo; gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises. **22** At kaniyang inilagay ang dulang sa loob ng dampa ng kapisanan, sa dakong hilagaan ng tabernakulo, sa labas ng lambong. **23** At kaniyang inayos ang tinapay sa ibabaw ng dulang sa harap ng PANGINOON gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises. **24** At kaniyang inilagay ang kandelero sa dampa ng kapisanan, sa tapat ng dulang, sa tagilirang timugan ng tabernakulo. **25** At kaniyang sinidihan ang mga ilawan sa harap ng PANGINOON gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises. **26** At kaniyang inilagay ang altar na ginto sa loob ng dampa ng kapisanan sa harap ng lambong. **27** At siya'y nagsunog doon ng kamayanan na masarap na pabango; gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises. **28** At kaniyang inilagay ang tabing ng pintuan sa tabernakulo. **29** At kaniyang inilagay ang altar ng handog na susunugin sa pintuan ng tabernakulo ng dampa ng kapisanan, at pinaghandugan ng handog na susunugin, at ng handog na harina; gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises. **30** At kaniyang inilagay ang hugasan sa pag-itan ng dampa ng kapisanan at ng altar, at sinidlan ng tubig upang paghugasan. **31** At si Moises at si Aaron at ang kaniyang mga anak ay nagsipaghugas ng kanilang mga kamay at ng kanilang mga paa doon; **32** pagka sila'y pumapasok sa dampa ng kapisanan, at pagka sila'y lumalapit sa altar, sila'y naghuhugas: gaya ng iniutos

ng PANGINOON kay Moises. **33** At kaniyang inilagay ang looban sa palibot ng tabernakulo at ng altar, at inlayos ang tabing ng pintuang-daan ng looban. Gayon tinapos ni Moises ang gagawin.

**34** Ng magkagayo'y tinakpan ng alapaapa ng dampa ng kapisanan at pinuno ng kalualhatian ng PANGINOON ang tabernakulo. **35** At si Moises ay hindi makapasok sa dampa ng kapisanan, sapagka't nagpapahinga sa ibabaw noon ang alapaap, at pinupuno ng kalualhatian ng

PANGINOON ang tabernakulo. **36** At pagka ang alapaap ay napaiitaas mula sa tabernakulo, ang mga anak ng Israel ay nagpapatuloy ng kanilang boong paglalakbay: **37** datapua't kung ang alapaap ay hindi napaiitaas, hindi nga sila naglalakbay hangang sa araw na napaiitaas. **38** Sapagka't ang alapaap ng PANGINOON ay nasa ibabaw ng tabernakulo sa araw, at may apoy sa gabi, sa paningin ng boong bahay ng Israel, sa kanilang boong paglalakbay.

## ANG

# LIBRO NG LEVITICO.

**1** At tinawag ng PANGINOON si Moises at sinalita sa kaniya mula sa dampa ng kapisanan, na sinabing: **2** Salitain mo sa mga anak ng Israel at sabihin mo sa kanilang: Pagka ang sino man sa inyo ay naghahandog ng alay sa PANGINOON, ihandog ninyo na alay ay galing sa mga hayop, sa mga bakalian at sa kawan.

**3** Kung ang kaniyang alay ay handog na susunugin na kinuha sa bakalian, ihandog niya'y isang lalaki na walang kapintasan: sa pintuan ng dampa ng kapisanan ihandog niya, upang tangapin sa ikagagaling niya sa harap ng PANGINOON. **4** At ipapatong niya ang kaniyang kamay sa ulo ng handog na susunugin; at tatanggapin sa ikagagaling niya, upang itubos sa kaniya. **5** At kaniyang papatayin ang guyang toro sa harap ng PANGINOON: at ang mga anak ni Aaron, ang mga sacerdote, ay maglaharap ng dugo at iwiwisik ang dugo sa palihot ng altar na nasa sa pintuan ng dampa ng kapisanan. **6** At lalapusan ang handog na susunugin at kakatayin. **7** At ang mga anak ni Aaron sacerdote ay magsisipaglagay ng apoy sa ibabaw ng altar, at magsisipag-ayos ng kahoy sa apoy: **8** at ang mga anak ni Aaron, ang mga sacerdote, mag-ayos ng mga piraso, ng ulo, at ng taba, sa kahoy na nasa apoy na nasa ibabaw ng altar: **9** datapua't ang mga lamang-loob at ang mga bita, ay huhugasan niya ng tubig: at susunugin ng sacerdote ang kabuonan sa ibabaw ng altar na pinakahandog na susunugin;

isang handog na pinaraan sa apoy na may masarap na amoy sa PANGINOON.

**10** At kung ang kaniyang alay ay kinuha sa kawan, sa mga tupa, o sa mga kambing, na pinakahandog na susunugin; kaniyang ihandog ay isang lalaking walang kapintasan. **11** At kaniyang papatayin sa dakong hilagaan ng altar, sa harap ng PANGINOON: at iwiwisik ng mga sacerdoteng anak ni Aaron, ang dugo sa ibabaw ng altar sa palibot. **12** At kaniyang kakatayin sampuo ng ulo, at ng taba: at mga iaayos ng sacerdote sa ibabaw ng kahoy na nasa apoy sa ibabaw ng altar: **13** datapua't ang lamang-loob at ang mga hita ay huhugasan ng tubig: at ihandog ng sacerdote ang kabuonan, at susunugin sa altar: isa ngang handog na susunugin, isang handog na pinaraan sa apoy na may masarap na amoy sa PANGINOON.

**14** At kung ang kaniyang alay sa PANGINOON ay handog na susunugin na mga ibon; ang ihandog ng mga niyang alay ay mga batobato o inakay ng kalapati. **15** At dadalhin ng sacerdote sa altar, at pupugutan ng ulo yaon, at susunugin sa ibabaw ng altar, at ang dugo'y pipigain sa tabi ng altar: **16** at aalisin niya ang buchi sampuo ng mga balahibo, at ihalagis sa tabi ng altar na dakong silanganan sa kinalalagan ng mga abo: **17** at hahatiin na hahawan sa mga pakpak, datapua't hindi pakakahatiin: at susunugin ng sacerdote sa ibabaw ng altar, sa ibabaw ng kahoy na nasa apoy:

isa ngang handog na susunugin, isang handog na pinaraan sa apoy na may masarap na amoy sa PANGINOON.

**2** At pagka ang sino man ay naghahandog sa PANGINOON, ng alay na handog na harina, ay mainam na harina ang kaniyang iaalay; at kaniyang bubuhusan ng langis, at lalagyan ng olivano: **2** at dadalhin niya sa mga sacerdote, na mga anak ni Aaron, at siya'y kukuha ng isang dakot ng mainam na harina at ng langis, sampuo ng boong olivano; at susunugin ng sacerdote sa ibabaw ng altar na pina-kaalaala, isang handog nga na pinaraan sa apoy na may masarap na amoy sa PANGINOON: **3** at ang lumabis sa handog na harina ay mapapasa kay Aaron at sa kaniyang mga anak: kasantosantohang bagay nga, na mga handog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy.

**4** At pagka ikaw ay maghahandog ng alay na handog na harina na luto sa hurno, ang iaalay mo ay mga mamong walang lewadura, na mainam na harina, na hinaluan ng langis, o mga ampanada na walang lewadura na pinahiran ng langis.

**5** At kung ang iyong alay ay handog na harina, na luto sa kawali, ang iaalay mo'y mainam na harina, na walang lewadura, na hinaluan ng langis. **6** Iyong pagpipirapirasuhin, at bubuhusan mo ng langis: isa ngang handog na harina. **7** At kung ang iyong alay ay handog na harina na luto sa kawaling lupa, ang iaalay mo'y yari sa mainam na harina na may langis.

**8** At dadalhin mo sa PANGINOON ang handog na harina na yari sa mga bagay na ito; at ihaharap sa sacerdote at dadalhin ng sacerdote sa altar. **9** At kukunin ng sacerdote sa handog na harina ang alaala noon, at susunugin sa ibabaw ng altar: handog ngang pinaraan sa apoy na may masarap na amoy sa PANGINOON.

**10** At ang lumabis sa handog na harina ay mapapasa kay Aaron at sa kaniyang mga anak; kasantosantohang bagay sa mga handog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy. **11** Walang handog na harina na ihahandog kayo sa PANGINOON na magkakalewadura: sapagka't huag kayong magsusunog ng ano mang lewadura o ng ano mang pulot na pinakahandog sa PANGINOON, na pinaraan sa apoy.

**12** Pinakaalay na mga pang-unang bunga mga ihahandog ninyo sa PANGINOON: nguni't hindi sasampa sa altar na parang masarap na amoy. **13** At aasnan mo ng asin, ang lahat ng alay na iyong handog

na harina; at huag mo mang titilising magkulang sa iyong handog na harina ang asin ng tipan ng iyong Dios: lahat ng alay mo'y ilahandog mo na kalakip ng asin.

**14** At kung maghahandog ka sa PANGINOON, ng handog na harina na pang-unang bunga, ihahandog mong pinakahandog na harina ng iyong pang-unang bunga ay pinipig na sinangag sa apoy, mga butil na pinipi na mura. **15** At bubuhusan mo ng langis yaon, at lalagyan mo sa ibabaw ng olivano: handog na harina nga yaon. **16** At susunugin ng sacerdote na pina-kaalaala niyaon, ang bahagi ng butil na pinipi at ang bahagi ng langis, sampuo ng lahat ng olivano: handog nga sa PANGINOON na pinaraan sa apoy.

**3** At kung ang kanilang alay ay haying mga handog tungkol sa kapayapaan; kung ang ihahandog niya ay sa bakahan maging lalaki o babaye, ihahandog niya na walang kapintasan sa harap ng PANGINOON. **2** At kaniyang ipapatong ang kamay niya, sa ulo ng kaniyang alay, at papatayin niya sa pintuan ng dampa ng kapisanan: at iwiwisik ng mga anak ni Aaron, na mga sacerdote, ang dugo sa ibabaw ng altar, sa palibot. **3** At kaniyang ihahandog tungkol sa hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan, na pinakahandog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy; ang tabang nakatatakip ng lamang-loob at lahat ng tabang nasa ibabaw ng lamang-loob, **4** at ang dalawang bato sampuo ng taba na nakatatakip sa mga yaon na malapit sa mga balakang at ang lanuak na nasa ibabaw ng atay, kaniyang aalising kalakip ug mga bato. **5** At susunugin ng mga anak ni Aaron sa altar, sa ibabaw ng handog na susunugin na nasa ibabaw ng kahoy na nakapatong sa apoy; handog nga na pinaraan sa apoy, na may masarap na amoy sa PANGINOON,

**6** At kung ang kaniyang alay na pinakahayin na mga handog tungkol sa kapayapaan sa PANGINOON ay sa kawan; maging lalaki o babaye, ihahandog niya na walang kapintasan. **7** Kung ang ihahandog niya ay isang cordero na pina-kaalay niya, ihahandog nga niya sa harap ng PANGINOON: **8** at kaniyang ipapatong ang kamay niya sa ulo ng kaniyang alay, at papatayin sa harap ng dampa ng kapisanan: at iwiwisik ng mga anak ni Aaron ang dugo sa ibabaw ng altar, sa palibot. **9** At kaniyang ihahandog tungkol sa

hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan ay isang handog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy; ang taba noon, ang boong matabang buntot, huhugutin niya sa ugat ng gulugod; at ang tabang nakatatatag ng lamang-loob, at ang lahat ng tabang nasa ibabaw ng lamang-loob. **10** At ang dalawang bato, at ang tabang na a ibabaw, na malapit sa mga balakang, at ang lanuak na nasa ibabaw ng atay, aalisin niya na kalakip ng mga bato. **11** At susunugin ng sacerdote sa ibabaw ng altar: pagkaing handog nga sa PANGINOON na pinaraan sa apoy.

**12** At kung ang kaniyang alay ay kambing, ihahandog nga niya sa harap ng PANGINOON: **13** at ipapateng niya ang kaniyang kamay sa ulo noon at papatayin yaon sa harap ng dampa ng kapisanan: at iwiwisik ng mga anak ni Aaron ang dugo sa ibabaw ng altar, sa palibot. **14** At ihahandog niya ang kaniyang alay, na pinakahandog sa PANGINOON, na pinaraan sa apoy, ang tabang nakatatatag ng lamang-loob, at lahat ng tabang nasa ibabaw ng lamang-loob, **15** at ang dalawang bato, at ang tabang nasa ibabaw, na malapit sa mga balakang, at ang lanuak na nasa ibabaw ng atay, aalisin niyang kalakip ng mga bato. **16** At mga susunugin ng sacerdote sa ibabaw ng altar; pagkaing handog nga na pinaraan sa apoy na pinakamasarap na apoy: lahat ng taba ay sa PANGINOON. **17** Magiging palatuntunang palagi sa boong panahon ng inyong lahi, sa lahat ng inyong mga tahanan na hindi kayo kakain ng taba o dugo mau.

**4** At nagsalita ang PANGINOON kay Moises, na sinabing: **2** Salitain mo sa mga anak ng Israel, na sabihin mo: Kung ang sino man ay magkaka-sala ng hindi sinasadya sa alin man sa mga bagay na iniutos ng PANGINOON na huag gawin, at gagawin ng sino man sa kanila; **3** kung ang pinahirang sacerdote ay magkasaala ng gayon na nagdala ng sala sa bayan; maghahandog nga siya sa PANGINOON dahil sa kaniyang kasalanan na ipinagkasaala, ng isang guyang toro, na walang kapintasan, na pinakahandog dahil sa kasalanan. **4** At dadalhin niya ang toro sa pintuan ng dampa ng kapisanan sa harap ng PANGINOON; at ipapateng niya ang kaniyang kamay sa ulo ng toro: at papatayin ang toro sa harap ng PANGINOON. **5** At ang pinahirang sa-

cerdote ay kukuha ng dugo ng toro, at dadalhin sa dampa ng kapisanan: **6** at babasain ng sacerdote ang kaniyang daliri sa dugo, at magwiwisik na makapito ng dugo sa harap ng PANGINOON, sa tapat ng lambong ng santuario. **7** At ang sacerdote ay maglalagay ng dugong yaon sa ibabaw ng mga sungay ng altar ng mabangong kamayan sa harap ng PANGINOON; na nasa dampa ng kapisanan; at lahat ng dugo ng toro ay ibubuhos sa tungtungan ng altar ng handog na susunugin, na nasa pintuan ng dampa ng kapisanan. **8** At aalisin ang lahat ng taba ng toro ng handog dahil sa kasalanan; ang tabang nakatatatag sa lamang-loob; at ang lahat ng tabang nasa ibabaw ng lamang-loob, **9** at ang dalawang bato at ang tabang nasa ibabaw, na malapit sa mga balakang, at ang lanuak na nasa ibabaw ng atay, aalisin kalakip ng mga bato, **10** gaya ng pag-aalis ng sa toro na hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan: at mga susunugin ng sacerdote sa ibabaw ng altar ng handog na susunugin. **11** At ang balat ng toro at ang boong laman sampuo ng ulo at ng mga hita, at ng lamang-loob, at ng dumi, **12** ang boong toro ay ilalabas niya sa labas ng kampo sa isang lugar na malinis, na pinagbubuhusan ng mga abo, at doon susunugin sa apoy sa ibabaw ng kahoy: sa pinagbubuhusan ng mga abo susunugin yaon.

**13** At kung ang boong kapulungan ng Israel ay magkasaala, at ang bagay ay malilim sa mga mata ng kapisanan, at sila'y nakagawa ng ano man sa mga bagay na iniutos ng PANGINOON na huag gawin, at mga naging salarin; **14** pagka nakilala ang kasalanan na kanilang ipinagkasaala, maghahandog nga ang kapisanan ng isang guyang toro na pinakahandog dahil sa kasalanan, at dadalhin sa harap ng dampa ng kapisanan. **15** At ang mga matanda ng kapulungan, magpapateng ng kanilang kamay sa ulo ng toro, sa harap ng PANGINOON: at papatayin ang toro sa harap ng PANGINOON. **16** At ang sacerdoteng pinahiran ay magdadala ng dugo ng toro sa dampa ng kapisanan: **17** at babasain ng sacerdote ang kaniyang daliri sa dugo, at iwiwisik na makapito sa harap ng PANGINOON, sa harap ng lambong. **18** At maglalagay siya ng dugo sa ibabaw ng mga sungay ng altar na nasa harap ng PANGINOON, na nasa dampa ng kapisanan, at ang boong

dugo, ay ibubuhos niya sa tungtungan ng altar ng handog na susunugin na nasa pintuan ng dampa ng kapisanan. **19** At aalisin niya ang boong taba, at susunugin niya sa ibabaw ng altar. **20** Gayon ang gagawin niya sa toro: kung paano ang ginawa niya sa toro na handog dahil sa kasalanan, gayon ang gagawin niya dito: at itutubos sa kanila ng sacerdote, at patatawarin sila. **21** At ilalabas niya ang toro sa kampamento, at susunugin niya gaya ng pagkasunog sa unang toro: handog nga dahil sa kasalanan ng kapisanan.

**22** Pagka ang isang puno ay nagkasala, at ginawang hindi sinasadya sa alin man sa lahat ng bagay na iniutos ng PANGINOON kaniyang Dios na huag gawin, at siya'y naging salarin; **23** kung maipakilala sa kaniya ang kasalanan niyang kaniyang ipinagkasala, kaniyang dadalhing pinakaalay niya ay isang lalaking kambing na walang kapintasan; **24** at ipapatong niya ang kaniyang kamay sa ulo ng kambing, at papatayin niya sa lugar na pinagpapatayan ng handog na susunugin sa harap ng PANGINOON: handog nga dahil sa kasalanan. **25** At dadampot ang sacerdote ng kaniyang daliri, ng dugo ng handog dahil sa kasalanan at ilalagay sa ibabaw ng mga sungay ng altar ng handog na susunugin, at ang dugo'y ibubuhos sa tungtungan ng altar ng handog na susunugin. **26** At lahat ng taba noon ay tutunawin niya sa altar, gaya ng taba ng hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan: at itutubos sa kaniya ng sacerdote tungkol sa kaniyang kasalanan, at siya'y patatawarin.

**27** At kung ang sino mang tawo sa karaniwan sa bayan ay magkasala ng hindi sinasadya, sa paggawa sa alin man sa mga bagay na iniutos ng PANGINOON na huag gawin, at maging salarin; **28** kung maipakilala sa kaniya ang kasalanan kaniyang pinagkasalahan, kaniyang dadalhing pinakaalay niya ay isang kambing, babayeng walang kapintasan, dahil sa kaniyang kasalanan pinagkasalahan niya. **29** At ipapatong niya ang kaniyang kamay sa ulo ng handog dahil sa kasalanan, at papatayin ang handog dahil sa kasalanan sa lagayan ng handog na susunugin. **30** At dadampot ang sacerdote ng kaniyang daliri, ng dugo at ilalagay sa ibabaw ng mga sungay ng altar ng handog na susunugin, at lahat ng dugo ay ibubuhos niya sa tungtungan

ng altar. **31** At ang lahat ng taba noon, ay kaniyang aalisin, gaya ng pag-aalis ng taba sa hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan; at susunugin ng sacerdote sa altar na pinakaamoy na masarap sa PANGINOON; at itutubos sa kaniya ng sacerdote, at siya'y patatawarin.

**32** At kung cordero ang kaniyang dalhing pinakaalay upang handog dahil sa kasalanan, babayeng walang kapintasan ang dadalhin niya. **33** At ipapatong niya ang kaniyang kamay sa ulo ng handog dahil sa kasalanan, at papatayin na pinakahandog dahil sa kasalanan, sa pinagpapatayan ng handog na susunugin. **34** At dadampot ang sacerdote ng kaniyang daliri, ng dugo ng handog dahil sa kasalanan, at ilalagay sa ibabaw ng mga sungay ng altar ng handog na susunugin, at ang boong dugo ay ibubuhos niya sa tungtungan ng altar: **35** at ang boong taba ay kaniyang aalisin, gaya ng pagkaalis ng taba sa cordero na hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan; at mga susunugin ng sacerdote sa altar sa ibabaw ng mga handog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy: at itutubos sa kaniya ng sacerdote tungkol sa kasalanan na kaniyang pinagkasalahan; at siya'y patatawarin.

**5** At kung ang sino man ay magkasala: sa pagkarinig niya ng voces ng sumpapa, sa paraang siya'y saksi maging kaniyang nakita o nalaman niya kung hindi niya ihayag, siya nga'y magdadala ng samsam niyaon: **2** o kung ang sino man ay humipo ng alin mang bagay na karumaldumal, maging bangkay ng ganid na karumaldumal, o ng bangkay ng hayop na karumaldumal, o ng bangkay ng umu-usad na karumaldumal, at nalihim, at siya'y maging karumaldumal, siya nga'y magiging salarin: **3** o kung siya'y nakahipo ng karumaldumal ng tawo, maging ano mang karumaldumal niyaon na ikinapaging karumaldumal niya, at nalihim ito sa kaniya; pagka naalaman niya, siya nga'y magiging salarin: **4** o kung ang sino man ay sumumpa ng kaniyang mga labi na walang dilidili na gumawa ng masama o gumawa ng mabuti, maging ano man na sinasalita ng tawo na walang dilidili na kaakbay ang sumpa, at sa kaniya'y nalihim; pagka naalaman niya yaon, magiging salarin nga siya sa isa sa mga bagay na ito: **5** at mangyayari, pagka siya'y magiging salarin sa isa sa mga bagay na ito, na kaniyang isasaysay yaong

kaniyang ipinagkasala: **6** at dadalhin niya sa PANGINOON na handog niya sa pagkakasala, dahil sa kasalanang pinagkasalahan niya, isang babaye na kinuha sa kawan, isang cordero, o isang kambing na pinakahandog dahil sa kasalanan; at itutubos sa kaniya ng sacerdote tungkol sa kaniyang kasalanan. **7** At kung ang kaniyang kaya ay hindi sapat upang magdala ng isang cordero, kung gayo'y magdadala siya sa PANGINOON, na pinakahandog niya sa pagkakasala, dahil sa ipinagkasala niya, ng dalawang batobato o ng dalawang inakay ng kalapati: ang isa'y pinakahandog dahil sa kasalanan at ang isa'y pinakahandog na susunugin. **8** At mga dadalhin niya sa sacerdote, na siyang unang maghabarap ng pinakahandog dahil sa kasalanan, at sa isang kamot ay pupugutin ang ulo sa leeg, ngunit hindi paghihiwalaying ligla: **9** at magwiwisik siya ng dugo ng handog dahil sa kasalanan sa ibabaw ng tagiliran ng altar; at ang pinakalabis sa dugo ay pipigain sa panaan ng altar: handog nga dahil sa kasalanan. **10** At ihahandog niya ang ikalawa na pinakahandog na susunugin ayon sa palatuntunan: at itutubos sa kaniya ng sacerdote tungkol sa kaniyang kasalanan na kaniyang pinagkasalahan, at siya'y patatawarin.

**11** Datapuat kung ang kaniyang kaya ay hindi sapat upang magdala ng dalawang batobato, o ng dalawang inakay ng kalapati, magdala siya kung gayon ng pinakaalay niya, ng ikasampung bahagi ng isang efa ng mainam na harina dahil sa kasalanan niya; hindi niya lalagyan ng langis o bubuhsan man niya ng olivano; sapagka't handog dahil sa kasalanan. **12** At dadalhin niya sa sacerdote, at ang sacerdote ay kukuba ng kaniyang dakot na pinakaalala niyaon, na susunugin sa altar, gaya ng mga handog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy, handog nga dahil sa kasalanan. **13** At itutubos sa kaniya ng sacerdote, tungkol sa kasalanan na kaniyang pinagkasalahan, sa alin man sa mga bagay na ito, at siya'y patatawarin: at ang labis ay mapa-pasa sacerdote, gaya ng handog na harina.

**14** At nagsalita ang PANGINOON kay Moises, na sinabing: **15** Kung ang sino man ay magkamit ng pagsalangsang, at magkasala ng di sinasadya sa mga santong bagay ng PANGINOON; magdadala nga siya sa PANGINOON, ng handog dahil sa pagkakasala, ng isang tupang lalaking

walang kapintasan na kinuha sa kawan, ayon sa iyong pagkahalaga, sa siklong pilak, ayon sa siklo ng santuario, na pinakahandog dahil sa pagkakasala: **16** at isa-sauli niya yaong kaniyang nadya sa santong bagay, at magdaragdag ng ikalimang bahagi, at ibibigay sa sacerdote: at itutubos sa kaniya ng sacerdote sa pamamagitan ng lalaking tupang handog dahil sa pagkakasala; at siya'y patatawarin.

**17** At kung ang sino man ay magkasala, at gumawa ng alin man sa mga bagay na luutos ng PANGINOON na luag gawin; baga ma't hindi nalalaman, gayon may siya'y salarin at dadalhin niya ang kaniyang kasam-an. **18** At siya'y magdadala sa sacerdote ng isang tupang lalaki na walong kapintasan na kinuha sa kawan ayon sa iyong pagkahalaga na pinakahandog dahil sa pagkakasala; at itutubos sa kaniya ng sacerdote, tungkol sa bagay na pinagkamalian niya ng di sinasadya, at hindi niya nalalaman, at siya'y patatawarin. **19** Handog dahil sa pagkakasala ng: yaon: siya'y tunay na salarin sa harap ng PANGINOON.

**6** At nagsalita ang PANGINOON kay Moises na sinabing: **2** Kung ang sino man ay magkasala at sumalangsang laban sa PANGINOON, na magbulaan sa kaniyang kapua tungkol sa isang habilin, o sa isang kayarian, o sa nakaw, o punighati sa kaniyang kapua; **3** o nakasumpung ng nawala, at ipagsinungaling yaon, at sumumpa ng di katotohanan; sa alin man sa lahat ng ito na ginawa ng tawo na pinagkakasalahan: **4** mangyari nga, kung siya'y nagkasala at naging salarin, na isa-sauli niya ang ninakaw, o ang nakuka sa pagpighati, o ang habiling inahabilin sa kaniya, o ang bagay na nawala na kaniyang nasumpungan, **5** o ano mang bagay na kaniyang sinumpaan ng kabulaanan; isasauli niyang buo, at daragdagan pa niya ng ikalimang bahagi noon: sa may-ari ibibigay niya sa araw na pagkasumpung sa kaniya na salarin. **6** At dadalhin niya sa PANGINOON ang kaniyang handog dahil sa pagkakasala, isang tupang lalaki na walong kapintasan na kinuha sa kawan, ayon sa iyong pagkahalaga, at ibibigay sa sacerdote na pinakahandog dahil sa pagkakasala: **7** at itutubos sa kaniya ng sacerdote sa harap ng PANGINOON, at siya'y patatawarin; tungkol sa alin mang kaniyang nagawa, na kaniyang pinagkasalahan.

**8** At nagsalita ang PANGINOON kay



Moises, na sinabing: **9** Iutos mo kay Aaron at sa kaniyang mga anak, na iyong sabihing: Ito ang kautusan tungkol sa handog na susunugin: ang handog na susunugin ay malalagay sa ibabaw ng pinagsusunugan sa ibabaw ng altar, boong gabi hangang umaga; at ang apoy sa altar ay pananatilihing nagniningas dito. **10** At isuot ng sacerdote ang kaniyang kasuotan na kayong puti, at ang kaniyang mga salual na kayong puti ay itatakip niya sa kaniyang laman; at itataas niya ang mga abo ng handog na susunugin na sinunog ng apoy sa ibabaw ng altar, at mga ilalagay niya sa tabi ng altar. **11** At maghuhubad siya ng kaniyang mga suot, at magbibihis ng ibang mga kasuotan, at ilalabas ang mga abo sa labas ng kampoamento sa isang lugar na malinis. **12** At ang apoy sa ibabaw ng altar ay magningasing dito, dindi papatayin; at ang sacerdote ay magsusunog ng kahoy sa ibabaw noon tuing umaga, at aayusin niya sa ibabaw noon ang handog na susunugin, at susunugin sa ibabaw noon, ang taba ng mga handog tungkol sa kapayapaan. **13** Ang apoy ay papagniningasing lagi sa ibabaw ng altar; hindi papatayin.

**14** At ito ang kautusan tungkol sa handog na harina: ihahandog ng isa sa mga anak ni Aaron sa harap ng PANGINOON, sa harap ng altar. **15** At kukuha siya doon ng kaniyang dakot, ng mainam na harina sa handog na harina, at ng langis noon, at ng lahat na olivano na nasa ibabaw ng handog na harina, at susunugin sa ibabaw ng altar, na pinakaamoy na masarap, na alaala niyaon, sa PANGINOON. **16** At ang labis sa handog ay kakanin ni Aaron at ng kaniyang mga anak; walang levadurang kakanin sa lugar na santo; sa looban ng dampa ng kapisanan kakanin nila. **17** Hindi lulutuig may levadura: aking ibinigay sa kanilang pinakabahagi nila, sa mga handog sa akin na pinaraan sa apoy; kasantohang bagay nga, gaya ng handog dahil sa kasalanan, at gaya ng handog dahil sa pagkakasala. **18** Lahat ng lalaki sa mga anak ni Aaron ay kakain noon, na pinakabahagi nilang matuid magpakailan man, sa boong panahon ng inyong lahi, sa mga handog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy: lahat ng masaling nila ay magiging santo.

**19** At nagsalita ang PANGINOON kay Moises, na sinabing: **20** Ito ang alay ni Aaron at ng kaniyang mga anak na kanilang ihahandog sa PANGINOON sa araw

na siya'y pahiran; ang ikasampung bahagi ng isang efa ng mainam na harina, pinakahandog na harina na walang hangan, ang kalahati ay sa umaga at ang kalahati ay sa hapon. **21** Sa kawali ihahandog may langis; pagkaluto noon dadalhin mo: pirapirasong ihaharap mo ang handog na harina na luto na pinakamasarap na amoy sa PANGINOON. **22** At ang sacerdoteng pinahiran na mahahalili sa kaniya, na mula sa gitna ng kaniyang mga anak ay ranghahandog noon: ayon sa palatuntunang walang hangan ay susunugin boo sa PANGINOON. **23** At lahat ng handog na harina ng sacerdote ay susunugin boo: hindi kakanin.

**24** At nagsalita ang PANGINOON kay Moises, na sinabing: **25** Salitain mo kay Aaron at sa kaniyang mga anak, na sabihin mo: Ito ang kautusan tungkol sa handog dahil sa kasalanan: sa lugar ng pinagpapatayan ng handog na susunugin doon papatayin ang handog dahil sa kasalanan, sa harap ng PANGINOON: kasantosantohang bagay nga. **26** Ang sacerdoteng naghandog noon dahil sa kasalanan ay kakain noon: sa lugar na santo kakanin, sa looban ng dampa ng kapisanan. **27** Ano mang masaling ng laman noon ay magiging santo: at pagka pumilansik ang dugo sa alin mang damit, lalabhan mo yaong napilansikan sa lugar na santo. **28** Data-pua't ang sisidlang-lupa na pinaglutuan ay babasagin: at kung niluto sa sisidlang-tanso, ito'y iisisin at babanlawan ng tubig. **29** Lahat ng lalaki sa mga sacerdote ay kakain noon: kasantosantohang bagay nga. **30** At walang handog dahil sa kasalanan, na ang dugo'y ipapasok sa dampa ng kapisanan upang ipangtubos sa santong lugar, na kakanin: sa apoy nga susunugin.

**7** At ito ang kautusan tungkol sa handog dahil sa pagkakasala, kasantosantohang bagay nga. **1** Sa lugar ng pinagpapatayan ng handog na susunugin ay doon papatayin ang handog dahil sa pagkakasala: at ang dugo noon'y iwiwisik niya sa palibot ng altar. **2** At ihahandog niya tungkol doon ang boong taba noon; ang buntot na mataba at ang tabang nakataktap sa lamang-loob, **3** at ang dalawang bato at ang tabang nasa ibabaw ng mga yaon, ang nasa siping ng mga balakang, at ang lanuak na nasa ibabaw ng atay, aalising kalakip ng mga bato: **5** at mga susunugin ng sacerdote sa ibabaw ng altar, na pinakahandog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy; handog nga dahil sa pagka-

kasala. **6** Lahat ng lalaki sa mga sacerdote ay kakain noon; sa lugar na santo kakainin yaon: kasantosanhang bagay *ng*. **7** Kung paano ang handog dahil sa kasalanan ay gayon ang handog dahil sa pagkakasala: *ang dalawa'y* may isang kautusan: mapapasa sacerdoteng tumutubos. **8** At ang sacerdoteng naghahandog ng handog na susumugin ng sino mang tawo, ang balat ng handog na susumugin ay mapapasa sacerdoteng naghandog. **9** At lahat ng handog na harina na niluto sa hurno, at yaong lahat na pinagyman sa kawali at sa kawali, mapapasa sacerdote na naghahandog. **10** At lahat ng handog na harina na hinaluan ng langis o tuyo, ay mapapasa lahat ng mga anak ni Aaron; sa isa na gaya sa iba.

**11** At ito ang kautusan tungkol sa hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan, na ihahandog sa PANGINOON: **12** Kung ihahandog niya na pinakapasalamat, ihahandog nga niyang kalakip ng haying pasalamat ang mga tortang walang levadura na hinaluan ng langis, at ang mga ampanadang walang levadura na pinahiran ng langis, at ang mainam na hari-nang piritos na anoyong tortang hinaluan ng langis. **13** Kalakip ng tortang walang levadura kaniyang ihahandog ang alay niya, kalakip ng hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan na pinakapasalamat. **14** At maghahandog ng isa noon sa hawa't alay na pinakahandog na itinaas sa PANGINOON; mapapasa sacerdoteng nagwiwisik ng dugo ng mga handog tungkol sa kapayapaan. **15** At ang laman ng hayin na kaniyang mga handog tungkol sa kapayapaan na pinakapasalamat ay kakainin sa kaarawan ng kaniyang pag-aalay; siya'y hindi magtitira noon ng hangang sa umaga. **16** Ngunit kung ang hayin ng kaniyang alay ay sa *kutuparan ng* isang panata, o kusang handog, kaniyang makakain sa araw na kaniyang ihandog ang kaniyang hayin: at sa kinaumagahan *waman* ay kaniyang makakain ang labis: **17** datapua't ang lumbis sa laman ng hayin hangang sa ikatlong araw ay susumugin sa apoy. **18** At kung kanin ang ano mang bahagi ng laman ng hayin na kaniyang mga handog tungkol sa kapayapaan sa ikatlong araw, *ang alay* ay hindi tatanggapin, at hindi man maipatatungkol doon sa naghahandog noon: aariing kasuklamsuklam; at ang tawong kumain noon ay magpapasan ng kaniyang kasam-an. **19** At ang la-

mang nasagi sa ano mang bagay na karumaldumal ay hindi kakainin; yao'y susumugin sa apoy. At tungkol sa lamang *hindi nahawa*, lahat ng tawong malinis ay makakakain noon: **20** ngunit ang tawong kumain ng laman ng hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan na ukol sa PANGINOON, na taglay niya ang kaniyang karumihan, ibihiwalay ang tawong yaon sa kaniyang bayan. **21** At pagka ang sino man ay hihipo ng alin mang bagay na karumaldumal ng kahalayan ng tawo, o ng hayop na karumaldumal, o ng alin mang karumaldumal na kasuklamsuklam, at kumain sa laman ng hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan na ukol sa PANGINOON, ibihiwalay ang tawong yaon sa kaniyang bayan.

**22** At nagsalita ang PANGINOON kay Moises, na sinabing: **23** Iyong salitain sa mga anak ng Israel, na iyong sabihing: Huag kayong kakain ng taba ng baka, ng tupa, o ng kambing. **24** At ang taba ng namatay sa kaniyang sarili, at ang taba ng nilapa ng ganid, ay magagamit sa alin mang paglilingkod: ngunit sa ano mang paraan ay huag ninyong kakainin. **25** Sapagka't sino mang kumain ng taba ng hayop na yaon na inihahandog ng mga tawo sa PANGINOON, na handog na pinaraan sa apoy, ang tawong kumain ay ibihiwalay sa kaniyang bayan. **26** At huag kayong kakain sa ano mang paraan ng dugo sa lahat ng inyong tahanan, maging sa ibon o sa hayop. **27** Sino mang tawong kumain ng alin mang dugo, ang tawong yaon ay ibihiwalay sa kaniyang bayan.

**28** At nagsalita ang PANGINOON kay Moises, na sinabing: **29** Iyong salitain sa mga anak ng Israel, na iyong sabihing: Ang naghahandog sa PANGINOON ng hayin na kaniyang mga handog tungkol sa kapayapaan ay magdadala sa PANGINOON ng kaniyang alay na kinuha sa hayin na kaniyang mga handog tungkol sa kapayapaan; **30** ang kaniyang mga sariling kamay ang magdadala ng mga handog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy; ang taba sampuo ng dibdib ay dadalhin niya, upang ang dibdib ay aiugin na pinakahandog na inalog sa harap ng PANGINOON. **31** At susumugin ng sacerdote ang taba sa ibabaw ng altar: datapua't ang dibdib ay mapapasa kay Aaron at sa kaniyang mga anak. **32** At ibibigay ninyo sa sacerdote na pinakahandog na itinaas, ang hitang kanan sa

mga hayin na inyong mga handog tungkol sa kapayapaan. **33** Yaong sa mga anak ni Aaron na naglahandog ng dugo ng mga handog tungkol sa kapayapaan at ng taba, ay mapapasa kaniya ang kamang hita, na pinakabahagi. **34** Sapagka't aking kinuha sa mga anak ng Israel, sa kanilang mga hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan, ang dibdib na inalag at ang hitang itinaas, at aking mga ibinigay sa sacerdoteng kay Aaron at sa kaniyang mga anak, na karampatang bahagi nila magpakailan man, sa ganang mga anak ng Israel.

**35** Ito ang nauukol sa pahid ni Aaron at sa pahid ng kaniyang mga anak, sa mga handog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy, sa araw na iniharap sila sa PANGINOON, upang mamahala sa PANGINOON sa katungkulang sacerdote; **36** na inuitos ng PANGINOON sa kanila'y ibigay sa ganang mga anak ng Israel sa araw na kaniyang pahiran sila. Karampatang bahagi nga nila magpakailan man, sa boong panahon ng kanilang lahi. **37** Ito ang kautusan tungkol sa handog na susunugin, sa handog na harina, at sa handog dahil sa kasalanan, at sa handog dahil sa pagkakasala, at sa pagtatalaga, at sa hayin, na mga handog tungkol sa kapayapaan; **38** na inuitos ng PANGINOON kay Moises sa bundok ng Sinai, ng araw na inuitos sa mga anak ng Israel na kanilang ihandog ang kanilang mga alay sa PANGINOON sa ilang ng Sinai.

**8** At nagsalita ang PANGINOON kay Moises, na sinabing: **2** Dalhin mo si Aaron at sampuo ng kaniyang mga anak, at ang mga kasuotan, at ang langis na pangpahid, at ang torong handog dahil sa kasalanan, at ang dalawang tupang lalaki, at ang bakol ng mga tinapay na walang lewadura; **3** at pisanin mo ang boong kapulungan sa pintuan ng dampang kapisanan. **4** At ginawa ni Moises ayon sa inuitos sa kaniya ng PANGINOON; at nagpipisan ang kapulungan sa pintuan ng dampang kapisanan. **5** At sinabi ni Moises sa kapulungan: Ito ang ipinagawang ng PANGINOON. **6** At dinala ni Moises si Aaron at ang kaniyang mga anak, at mga hinugasan ng tubig. **7** At isinuot kay Aaron ang tunika, at binigkisang ng pamigkis, at isinuot sa kaniya ang bala-bal, at sa kaniya'y ipinatong ang efod; at ibinigkis sa kaniya ang pamigkis ng efod na mainam ang pagkayari, at tinalian

nito. **8** At ipinatong sa kaniya ang pektoral, at inilagay sa loob ng pektoral ang Urim at ang Tumim. **9** At ipinatong ang mitra sa kaniyang ulo; at ipinatong sa mitra sa harap ang lamintang ginto, ang koronang santa; gaya ng inuitos ng PANGINOON kay Moises. **10** At kinuha ni Moises ang langis na pangpahid, at pinahiran ang tabernakulo, at ang lahat ng nandoon, at mga pinapaging santo. **11** At winiwisikan niya noon ang ibabaw ng altar na makapito, at pinahiran ang altar at ang lahat ng mga kasangkapan, at ang hugasan at ang tungtungan upang mga papagingsantohin. **12** At binuhusan ng langis na pangpahid ang ulo ni Aaron, at pinahiran niya siya upang papagsantohin. **13** At pinalapit ni Moises ang mga anak ni Aaron, at sila'y sinuotan ng mga tunika, at binigkisang ng mga pamigkis, at itinali sa kanilang ulo ang mga tiara; gaya ng inuitos ng PANGINOON kay Moises. **14** At kaniyang inilapit ang torong handog dahil sa kasalanan: at ipinatong ni Aaron at ng kaniyang mga anak ang mga kamay nila sa ulo ng torong handog dahil sa kasalanan. **15** At pinatay niya; at dumampot si Moises ng dugo at ipinahid ng kaniyang daliri sa ibabaw ng mga sungay ng altar sa palibot, at nilinis ang altar, at ang dugo'y ibinuhos sa tungtungan ng altar, at pinapagingsanto upang pagtubusan. **16** At kinuha niya ang boong taba na nasa ibabaw ng mga lamang-loob, at ang lanuak ng atay, at ang dalawang bato, at ang taba ng mga yaon, at mga sinunog ni Moises sa ibabaw ng altar. **17** Datapua't ang toro, at ang balat, at ang laman, at ang dumi, sinunog niya sa apoy sa labas ng kamento; gaya ng inuitos ng PANGINOON kay Moises. **18** At iniharap niya ang tupang lalaki na handog na susunugin: at ipinatong ni Aaron at ng kaniyang mga anak ang mga kamay nila sa ulo ng tupa. **19** At kaniyang pinatay yaon: at iniwisik ni Moises ang dugo sa ibabaw ng altar sa palibot. **20** At kinatay niya ang tupa; at sinunog ni Moises ang ulo, at ang mga piraso, at ang taba. **21** At kaniyang hinugasan muna ang lamang-loob at ang mga paa sa tubig; at sinunog ni Moises ang boong tupa sa ibabaw ng altar; handog na susunugin nga na may masarap na amoy: handog nga sa PANGINOON na pinaraan sa apoy; gaya ng inuitos ng PANGINOON kay Moises. **22** At iniharap niya ang ikalawang tupa, ang tupa na

itinatalaga: at ipinatong ni Aaron at ng kaniyang mga anak ang kanilang mga kamay sa ulo ng tupa. **23** At kaniyang pinatay yaon; at dumampot si Moises ng dugo niyaon, at inilagay sa ibabaw ng pingol ng kanang tainga ni Aaron, at sa ibabaw ng daliring hinlalaki ng kaniyang kanang kamay, at sa ibabaw ng daliring hinlalaki ng kaniyang kanang pea. **24** At pinaharap niya ang mga anak ni Aaron, at nilagyan ni Moises ng dugong yaon sa ibabaw ng pingol ng kanilang kanang tainga, at sa ibabaw ng daliring hinlalaki ng kanang kamay nila, at sa ibabaw ng daliring hinlalaki ng kanang paa nila: at iniwisik ni Moises ang dugo sa ibabaw ng altar sa palibot. **25** At kinuha niya ang taba, at ang matabang buntot, at ang lahat ng tabang nasa ibabaw ng lamangloob, at ang laman ng atay, at ang dalawang bato, at ang taba ng mga yaon, at ang kanang hita: **26** at sa bakol ng tinapay na walang levadura na inilagay sa harap ng PANGINOON, kumuha siya ng isang tortang walang levadura, at ng isang tortang nilangisang tinapay, at ng isang ampanada, at mga inilagay sa ibabaw ng taba at sa ibabaw ng kanang hita; **27** at inilagay na lahat sa mga kamay ni Aaron at sa mga kamay ng kaniyang mga anak, at mga inalog na pinakahandog na inalog sa harap ng PANGINOON. **28** At kinuha ni Moises sa kanilang mga kamay, at mga sinunog sa altar sa ibabaw ng handog na susunugin: mga itinalaga ngang may masarap na amoy: handog nga sa PANGINOON na pinaraan sa apoy. **29** At kinuha ni Moises ang dibdib at inalog na pinakahandog na inalog sa harap ng PANGINOON; ito ang bahagi ni Moises sa tupa na itinalaga; gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises. **30** At kumuha si Moises ng langis na pangpahid, at ng dugong inilagay sa ibabaw ng altar, at iniwisik kay Aaron, sa kaniyang mga suot, sa kaniyang mga anak at sa mga suot ng kaniyang mga anak na kasama niya; at pinapagsanto si Aaron at ang kaniyang mga suot, at ang kaniyang mga anak at ang mga suot ng kaniyang mga anak na kasama niya. **31** At sinabi ni Moises kay Aaron at sa kaniyang mga anak: Pakuluan ninyo ang laman sa pintuan ng dampa ng kapisanan: at doon ninyo kanin, at ang tinapay na nasa bakol ng talaga, ayon sa iniutos ko, na sinabing: Kakanin ni Aaron at ng kaniyang mga anak. **32** At ang labis sa laman at sa tinapay ay susu-

nugin ninyo sa apoy. **33** At sa pintuan ng dampa ng kapisanan ay huag kayong lalabas na pitong araw, hangang sa maganap ang mga kaarawan ng inyong pagtatalaga: sapagka't pitong araw na kayo'y matalalaga. **34** Kung paano ang ginawa sa araw na ito, gayon ang iniutos ng PANGINOON na gawin upang itubos sa inyo. **35** At sa pintuan ng dampa ng kapisanan ay matitira kayo gabi't araw na pitong araw, at inyong tutuparin ang kautusan ng PANGINOON, upang huag kayong mamatay: sapagka't gayon iniutos ko. **36** At ginawa ni Aaron at ng kaniyang mga anak ang lahat na iniutos ng PANGINOON sa pamamagitan ni Moises.

**9** At nangyari sa ikawalong araw, na tinawag ni Moises si Aaron at ang kaniyang mga anak, at ang mga matanda sa Israel; **2** at sinabi niya kay Aaron: Magdala ka ng isang guyang toro, na handog dahil sa kasalanan, at isang tupang lalaki na handog na susunugin, na kapua walang kapintasan, at mga ihandog mo sa harap ng PANGINOON. **3** At sa mga anak ng Israel ay sasalitain mo, na iyong sasabihing: Kumula kayo ng isang kambing na lalaki na handog dahil sa kasalanan; at ng isang guyang baka, at ng isang cordero, na kapua may gulang na isang taon, at walang kapintasan, na handog na susunugin: **4** at ng isang toro at ng isang tupang lalaki na mga handog tungkol sa kapayapaan, upang mga ihayin sa harap ng PANGINOON; at ng isang handog na harina na hinaluan ng langis: sapagka't ngayon ang PANGINOON ay napakikita sa inyo. **5** At kanilang dinala sa harap ng dampa ng kapisanan ang iniutos ni Moises: at humarap doon ang boong kapulungan, at tumayo sa harap ng PANGINOON. **6** At sinabi ni Moises: Ito ang iniutos ng PANGINOON na gawin ninyo: at lilitaw sa inyo ang kalualhatian ng PANGINOON. **7** At sinabi ni Moises kay Aaron: Lumapit ka sa altar, at ihandog mo ang iyong handog dahil sa kasalanan, at ang iyong handog na susunugin, at itubos mo sa iyong sarili at sa bayan: at ihandog mo ang alay ng bayan, at itubos mo sa kanila; gaya ng iniutos ng PANGINOON. **8** Lumapit nga si Aaron sa altar at pinatay ang guyang handog dahil sa kasalanan, na sa ganang kaniya. **9** At iniharap ng mga anak ni Aaron sa kaniya ang dugo: at binasa niya ang kaniyang daliri sa dugo, at ipinahid sa ibabaw ng mga sungay ng altar, at ang

dugo na labis ay ibinuhos sa tungtungan ng altar: **10** datapua't ang taba at ang mga bato, at ang lanuak na nasa atay ng handog dahil sa kasalanan, mga sinunog niya sa ibabaw ng altar; gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises. **11** At ang laman at ang balat ay sinunog niya ng apoy sa labas ng kamento. **12** At pinatay niya ang handog na susunugin; at ibinigay sa kaniya ng mga anak ni Aaron ang dugo, at kaniyang iniwisik sa ibabaw ng palibot ng altar. **13** At kaniyang ibinigay sa kaniya ang handog na susunugin, na isa-isang piraso, at ang ulo: at mga sinunog niya sa ibabaw ng altar. **14** At kaniyang hinugasan ang lamang-loob at ang mga paa at mga sinunog rin naman sa ibabaw ng handog na susunugin sa ibabaw ng altar. **15** At iniharap niya ang alay ng bayan; at kinuha ang katubing na handog dahil sa kasalanan na para sa bayan, at pinatay at inihandog dahil sa kasalanan, gaya ng una. **16** At iniharap niya ang handog na susunugin, at inihandog ayon sa kautusan. **17** At iniharap niya ang handog na harina, at kumuha ng isang dakot, at tinunaw sa ibabaw ng altar, bukod sa handog na susunugin sa umaga. **18** Kaniyang pinatay rin ang baka at ang tupang lalaki na hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan, na para sa bayan: at ibinigay ng mga anak ni Aaron sa kaniya ang dugo, at kaniyang iniwisik sa ibabaw ng altar sa palibot, **19** at ang taba ng baka; at ng tupang lalaki, ang matabang buntot, at ang tabang nakatatap sa lamang-loob, at ang mga bato, at ang lanuak ng atay: **20** at kaniyang inilagay ang mga taba sa ibabaw ng mga dibdib, at kaniyang sinunog ang taba sa ibabaw ng altar: **21** at ang mga dibdib at ang kanang hita ay analog ni Aaron na pinakahandog na inalog sa harap ng PANGINOON; gaya ng iniutos ni Moises. **22** At itinaas ni Aaron ang kaniyang mga kamay sa dakong bayan at mga binasbasan niya; at bumaba siya na mula sa paghahandog ng handog dahil sa kasalanan, at ng handog na susunugin, at ng mga handog tungkol sa kapayapaan. **23** At pumasok si Moises at si Aaron sa dampa ng kapisanan; at sila'y lumabas, at binasbasan ang bayan: at lumitaw ang kaulalhatian ng PANGINOON sa boong bayan. **24** At may lumabas na apoy sa harap ng PANGINOON, at sinunog sa ibabaw ng altar ang handog na susunugin at ang taba: at ng makita yaon ng boong

bayan, sila'y nagsutsutan at mga nagpatirapa.

**10** At si Nadab at si Abiu, na mga anak ni Aaron, kumuha ang bawa't isa sa kanila ng kaniyang panguob, at sinidlan nila ng apoy, at pinatungan ng kamayanan, at sila'y naghandog sa harap ng PANGINOON ng ibang apoy na hindi iniutos niya sa kanila. **2** At sa harap ng PANGINOON ay may lumabas na apoy, at lumamon sa kanila; at namatay sila sa harap ng PANGINOON. **3** Ng magkagayo'y sinabi ni Moises kay Aaron: Ito ang sinalita ng PANGINOON, na sinabing: Ako'y sasantohin ng mga lumalapit sa akin, at sa harap ng boong bayan ay lulualhatiin ako. At si Aaron ay napipi. **4** At tinawag ni Moises si Misael at si Elzafan, na mga anak ni Uziel, na amain ni Aaron, at sa kanila'y sinabi: Magsilabas kayo, ilabas ninyo ang inyong mga kapatid sa kamento mula sa harap ng santuario. **5** Sa gayo'y lumapit sila, at kanilang binuhat sa kanilang mga tunika sa labas ng kamento; gaya ng sinabi ni Moises. **6** At sinabi ni Moises kay Aaron, at kay Eleazar at kay Itamar na kaniyang mga anak: Huag ninyong alisin ang takip ng inyong ulo, o hapakin man ninyo ang inyong bihisan; baka kayo'y mamatay, at siya'y magalit laban sa boong kapulungan: kungdi ang inyong mga kapatid, ang boong bahay ng Israel ay tumagho'y sa sunog na pinapagningas ng PANGINOON. **7** At huag kayong lalabas sa pintuan ng dampa ng kapisanan, baka kayo'y mamatay: sapagka't ang langis na pangpahid ng PANGINOON ay nasa ulo ninyo. At kanilang ginawa ayon sa salita ni Moises.

**8** At sinalita ng PANGINOON kay Aaron, na sinabing: **9** Huag iinom ng alak o ng matapang na inumin man, ikaw o ang inyong mga anak man, pagka kayo'y papasok sa dampa ng kapisanan, upang kayo'y huag mamatay: magiging palatuntunang walang hangan sa boong panahon ng inyong lahi: **10** at upang inyong malagyan ng pagkakaiba ang santo at ang karaniwan, at ang karumaldumal at ang malinis; **11** at upang inyong maituro sa mga anak ng Israel ang lahat ng palatuntunang sa kanila'y sinalita ng PANGINOON sa pamamagitan ni Moises.

**12** At sinabi ni Moises kay Aaron, at kay Eleazar at kay Itamar, na mga nati-tira niyang anak: Kunin ninyo ang han-

dog na harina na lumabis sa mga handog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy, at inyong kaning walang levedura sa tabi ng altar: sapagka't pinakasanto: **13** at inyong kakanin sa lugar na santo, sapagka't karampatang bahagi mo, at karampatang bahagi ng inyong mga anak, sa mga handog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy: sapagka't gayon iniutos sa akin. **14** At ang dibdib na inalog at ang hita na itinaas, ay kakanin ninyo sa lugar na malinis; mo at ng inyong mga anak na lalaki at babaye na kasama mo: sapagka't sa paraang karampatang bahagi mo at karampatang bahagi ng inyong mga anak ay ibinigay sa inyo sa mga hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan ng mga anak ng Israel. **15** Ang hita na itinaas, at ang dibdib na inalog ay kanilang dadalhin na kalakip ng mga handog na pinaraan sa apoy, na mga taba upang alogin na pinakahandog na inalog sa harap ng PANGINOON: at mapapasa iyo, at sa inyong mga anak na kasama mo, na karampatang bahagi ninyo magpakailan man; gaya ng iniutos ng PANGINOON.

**16** At hinapaap ni Moises ng boong sikap ang kambing na handog dahil sa kasalanan, at narito, sinunog: at nagalit laban kay Eleazar at kay Itamar na mga anak ni Aaron na natira, na nagsabing: **17** ¿Bakit hindi ninyo kinain ang handog dahil sa kasalanan sa lugar na santuario, sa bagay ay kasantosantohang bagay at sa inyo'y ibinigay upang dalhin ang kasam-an ng kapulungan, upang itubos sa kanila sa harap ng PANGINOON? **18** Narito, hindi isinilid ang dugo noon sa loob ng santuario; nararapat sanang inyong kanin sa santuario, gaya ng iniutos ko. **19** At si Aaron ay nagsalita kay Moises: Narito, kanilang inihandog ng araw na ito ang kanilang handog dahil sa kasalanan, at ang kanilang handog na susunugin sa harap ng PANGINOON; ¿at sa akin ay nangyari ang mga ganiyang bagay na gaya ng mga ito! at kung ako nga'y nakakain ng handog dahil sa kasalanan ngayon, ¿kalulugdan ba kaya ako ng PANGINOON? **20** At ng marinig ni Moises, ay nakalugod sa kaniyang paningin.

**11** At sinalita ng PANGINOON kay Moises at kay Aaron, na sa kanila'y sinabing: **2** Inyong salitain sa mga anak ng Israel, na iyong sabihing: Ito ang mga bagay na may buhay na inyong nakakain sa lahat ng hayop na nasa lupa. ¿Alin

mang may hati ang paa na baak at ngumunguwa, sa mga hayop, iya'y inyong makakain. **4** Gayon may ang mga ito'y luag ninyong kakanin sa mga ngumunguwa o doon sa mga may hati ang paa: Ang kamello, sapagka't ngumunguwa, ngunit walang hati ang paa, karumaldumal nga sa inyo. **5** At ang daman, sapagka't ngumunguwa, datapua't walang hati ang paa, karumaldumal nga sa inyo. **6** At ang liebre; sapagka't ngumunguwa, datapua't walang hati ang paa, karumaldumal nga sa inyo. **7** At ang baboy, sapagka't may hati ang paa at baak, datapua't hindi ngumunguwa, karumaldumal nga sa inyo. **8** Huag kayong kakain ng laman ng mga yaon, at ang bangkay ng mga yaon ay huag ninyong hihipuin; mga karumaldumal nga sa inyo.

**9** Ang mga ito'y inyong makakain sa mga nasa mga tubig: Aliu mang may mga palikpik at mga kaliskis sa mga tubig, sa mga dagat at sa mga ilog, mga makakain ninyo. **10** At lahat ng walang mga palikpik at mga kaliskis sa mga dagat, at sa mga ilog, sa lahat ng mga gumagalaw sa mga tubig, at sa lahat ng may buhay sa mga tubig, mga kasuklamsuklam nga sa inyo, **11** at magiging kasuklamsuklam sa inyo; huag kayong kakain ng laman ng mga yaon, at ang bangkay ng mga yaon ay aariin ninyong kasaklamsuklam. **12** Lahat na nasa mga tubig na walang mga palikpik at mga kaliskis, ay magiging kasuklamsuklam sa inyo.

**13** At sa mga ibon ay aariin ninyong kasuklamsuklam ang mga ito; hindi mga kakainin, mga kasuklamsuklam nga: Ang agnila, ang dunudurog ng mga buto, at ang aguilang dagat: **14** at ang lawin, at ang halkon, ayon sa kaniyang pagkahalkon; **15** lahat ng owak ayon sa kaniyang pagka-owak; **16** at ang avestruz, at ang kuago, at ang gaviota, at ang gavilan ayon sa kaniyang pagka-gavilan; **17** at ang owak dagat, at ang somormuho, at ang buho; **18** at ang cisne, at ang pelikano, at ang buitire; **19** at ang cigiiena, ang tagak ayon sa kaniyang pagka tagak; at ang abubilla, at ang kabag-kabag.

**20** Lahat na may pakpak na umuusad na lumalakad na may apat na paa ay kasuklamsuklam nga sa inyo. **21** Gayon man, ang mga ito'y inyong makakain sa lahat na may pakpak na umuusad na may apat na paa, ang mga may dalawang paang mahaba, buked pa sa kanilang mga paa, upang

kanilang ipanglukso, sa lupa; 22 sa kanila'y makakain ninyo ang mga ito: ang balang arbeh ayon sa kaniyang pagkabalang, at ang balang soleham ayon sa kaniyang pagkabalang, at ang balang hargol ayon sa kaniyang pagkabalang, at ang balang hagab ayon sa kaniyang pagkabalang. 23 Datapua't lahat na may pakpak na umuusad na mayroong apat na paa, ay kasuklamsuklam nga sa inyo.

24 At sa pamamag-itan ng mga ito ay magiging kasuklamsuklam kayo; yaong lahat na humipo ng bangkay ng mga yaon ay magiging karumaldumal hangang hapon: 25 at yaong lahat na humipo ng bangkay ng mga yaon, maglalaba ng kaniyang mga suot, at magiging karumaldumal hangang hapon. 26 Lahat ng mga hayop na may hati ang paa na hindi baak, o hindi ngumunguya, ay karumaldumal sa inyo; lahat na magsihipo sa mga yaon ay magiging karumaldumal. 27 At lahat ng inilalakad ang kaniyang mga pangamot sa lahat ng hayop na inilalakad ang apat na paa, mga karumaldumal nga sa inyo: lahat ng humipo ng bangkay ng mga yaon ay magiging karumaldumal hangang hapon. 28 At ang bumuhat ng bangkay ng mga yaon, maglalaba ng kaniyang mga suot, at magiging karumaldumal nga sa inyo.

29 At ang mga ito ang karumaldumal sa inyo, sa mga umuusad na umuusad; sa ibabaw ng lupa: Ang komadreha, at ang bubuit, at ang malaking pagong ayon sa kaniyang pagkapagong; 30 at ang erizo, at ang buaya, at ang bnbuli, at ang butiki, at ang hunianggo. 31 Ang mga ito'y karumaldumal sa inyo sa lahat ng umuusad: lahat na magsihipo sa mga yaon, pagka ang mga yaon ay patay, magiging karumaldumal hangang hapon. 32 At yaong lahat na kahulugan ng mga yaon, pagka patay, magiging karumaldumal nga: magiging alin mang kasangkapang kahoy, o bihisan, o balat, o supot, alin mang kasangkapang ginagamit sa ano mang gagawin, sa tubig dapat ilubog, at magiging karumaldumal hangang hapon: kung magkagayo'y magiging malinis. 33 At lahat ng sisidlang lupa na kahulugan ng mga yaon, lahat ng nalalaman doon ay magiging karumaldumal, at yao'y inyong babasagin. 34 Lahat ng pagkain na makakain na kabuhusan ng tubig ng mga gayong sisidlang lupa, magiging karumaldumal; at lahat ng inuming maiinom na masilid

sa alin man sa mga gayong sisidlang lupa, ay magiging karumaldumal. 35 At lahat na kahulugan ng bangkay ng mga yaon ay magiging karumaldumal; waging hurno o kalan ng mga paliok, ay babasagin: mga karumaldumal nga sa inyo at magiging karumaldumal sa inyo. 36 Gayon may ang isang bukal o ang isang balon, na tipunan ng tubig, ay magiging malinis: datapua't ang masaling ng bangkay ng mga yaon ay magiging karumaldumal. 37 At kung mahulugan ng kanilang bangkay ang alin mang binhing panhasik na ihahasik, ay malinis. 38 Nguni't kung nabasa ang binhi at mahulugan ng bangkay ng mga yaon, magiging karumaldumal sa inyo.

39 At kung ang ano mang hayop na inyong makakain ay mamatay; ang humipo ng bangkay ng mga yaon ay magiging karumaldumal hangang hapon. 40 At ang kumain ng bangkay noon ay maglalaba ng kaniyang suot, at magiging karumaldumal hangang hapon: gayon din ang bumuhat ng bangkay noon, maglalaba ng kaniyang suot, at magiging karumaldumal hangang hapon.

41 At lahat na umuusad na umuusad sa ibabaw ng lupa, ay karumaldumal; hindi kakainin yaon. 42 Lahat ng lumalakad ng kaniyang tiyan, at lahat ng lumalakad ng apat na paa o mairoong maraming paa, sa lahat ng mga bagay na umuusad sa ibabaw ng lupa, huag ninyong mga kakainin; sapagka't mga karumaldumal nga sa inyo. 43 Huag kayong magpakasuklam sa ano mang umuusad, o huag kayong magpakarumal man sa mga yaon, na ano pa't huag kayong mangahawa noon. 44 Sapagka't ako ang PANGINOONG inyong Dios: magpakabalan nga kayo at kayo'y magpakasanto; sapagka't ako'y santo: at huag kayong magpakahawa man sa ano mang umuusad na gumagalaw sa ibabaw ng lupa. 45 Sapagka't ako ang PANGINOON na nagsampa sa inyo mula sa lupain ng Egipto, upang ako'y inyong magiging Dios: kayo nga'y magpakasanto sapagka't ako'y santo.

46 Ito ang kautusan tungkol sa hayop, at sa ibon, at sa lahat ng may buhay na gumagalaw sa mga tubig, at sa lahat ng nilikha na umuusad sa ibabaw ng lupa: 47 upang lagyang ninyo ng pagkakaiba ang karumaldumal at ang malinis, at ang roay buhay na makakain at ang may buhay na hipid makakain.

**12** At sinalita ng PANGINOON kay Moises, na sinabing: **2** Salitain mo sa mga anak ng Israel, na iyong sabihing: Kung ang babaye ay maglilili, at nanganak ng isang lalaki, ay magiging karumaldumal na pitong araw; ayon sa mga araw ng karumihan ng kaniyang sakit, ay magiging karumaldumal. **3** At sa ikawalong araw ay tutuliin ang bata sa laman ng kaniyang busisi. **4** At siya'y mananatiling tatlong puot tatlong araw na maglilinis ng kaniyang dugo; huag siyang bihipo ng ano mang bagay na santo, o papasok man sa santuario, hangang sa matupad ang mga araw ng kaniyang paglilinis. **5** Ngunit kung manganak siya ng babaye, magiging karumaldumal nga siya na dalawang lingo, ayon sa kaniyang karumihan: at mananatiling anim na puot anim na araw na maglilinis ng kaniyang dugo. **6** At pagkaganap niya ng mga araw ng kaniyang paglilinis, maging sa anak na lalaki o sa anak na babaye, ay magdadala siya ng isang cordero ng unang taon, upang handog na susunugin, at isang inakay ng kalapati o isang batobato upang handog dahil sa kasalanan, sa pintuan ng dampa ng kapisanan, sa sacerdote: **7** at kaniyang mga ihahandog sa harap ng PANGINOON, at itutubos sa kaniya; at siya'y malilinis sa agas ng kaniyang dugo. Ito ang kautusan tungkol sa nanganak ng lalaki o ng babaye. **8** At kung ang kaniyang kaya ay hindi sapat upang magdala ng cordero, kukuha nga siya ng dalawang batobato o ng dalawang inakay ng kalapati; ang isa'y upang handog na susunugin at ang isa'y upang handog dahil sa kasalanan: at itutubos sa kaniya ng sacerdote, at siya'y magiging malinis.

**13** At nagsalita ang PANGINOON kay Moises at kay Aaron, na sinabing: **2** Pagka ang sino mang tawo ay nagkaroon sa balat ng kaniyang laman, ng pamamaga, o langib, o dungis na makintab at naging sugat na ketong sa balat ng kaniyang laman, dadalhin nga siya kay Aarong sacerdote, o sa isa sa kaniyang mga anak, na mga sacerdote: **3** at titingnan ng sacerdote ang sugat na nasa balat ng kaniyang laman; at kung ang balahibo sa sugat ay pumuti, at makitang ang sugat ay malalim kay sa balat ng kaniyang laman, salot na ketong yaon: pagkatingin ng sacerdote sa tawo ay ipakikilala siyang karumaldumal. **4** At kung ang dungis

na makintab ay maputi sa balat ng kaniyang laman, at makitang hindi malalim kay sa balat, at ang balahibo noon ay hindi pumuti, ay kukulungin ng sacerdote ang may sugat na pitong araw. **5** At titingnan ng sacerdote siya sa ikapitong araw: at, narito, kung makitang ang sugat ay tumigil, at hindi kumalat ang sugat sa balat, kukulungin uli siya ng sacerdote na pitong araw: **6** at titingnan siya uli ng sacerdote sa ikapitong araw: at, narito, kung makitang ang sugat ay namutla, at ang sugat ay hindi kumalat sa balat, ipakikilalang malinis siya ng sacerdote: langib yaon: at kaniyang lalabhan ang kaniyang suot, at magiging malinis. **7** Datapua't kung ang langib ay kumakalat sa balat, pagkatapos na siya'y makapakita sa sacerdote upang siya'y linsin, pakikita siya uli sa sacerdote: **8** at titingnan siya ng sacerdote, at, narito, kung ang langib ay kumakalat sa balat, ipakikilala ng sacerdote na karumaldumal: ketong nga yaon.

**9** Pagka nagkaroon ng salot na ketong sa sino mang tawo, dadalhin siya sa sacerdote; **10** at titingnan siya ng sacerdote, at, narito, kung makitang may pamamaga na maputi sa balat, na pumuti ang balahibo, at may matigas na lamang buhay sa pamamaga; **11** ya'y matandang ketong sa balat ng kaniyang laman, at ipakikilalang siya'y karumaldumal ng sacerdote: hindi siya kukulungin; sapagka't siya'y karumaldumal. **12** At kung kumalat ang ketong sa balat, at matakpan ng ketong ang boong balat ng may salot, mula sa ulo hangang sa kaniyang mga paa, sa boong maabot ng paningin ng sacerdote; **13** kung magkagayo'y titingnan siya ng sacerdote, at, narito, kung makitang ang ketong ay kumalat sa boong laman niya, ipakikilalang malinisang may salot: pumuting lahat: siya'y malinis. **14** Datapua't sa alin mang araw na makitain siya ng lamang buhay, magiging karumaldumal siya. **15** At titingnan ng sacerdote ang lamang buhay, at ipakikilala siyang karumaldumal: ang lamang buhay ay karumaldumal yaong may ketong. **16** O kung magbago uli ang lamang buhay at pumuti, siya'y kalapit nga sa sacerdote, **17** at titingnan siya ng sacerdote, at, narito, kung pumuti ang sugat, ipakikilalang malinis ng sacerdote ang may sugat; siya'y malinis.

**18** At kung magkaroon sa balat ng laman ng isang sibol at gumaling, **19** at humalili sa sibol ay isang pamamaga na



maputi, o isang dungis na makintab, na namumulang puti, kung magkagayo'y ipakikilala sa sacerdote; **20** at titingnan ng sacerdote, at, narito, kung makitang tila impis kay sa balat, at ang balahibong noon ay tila pumuti, kung magkagayo'y ipakikilalang karumaldumal ng sacerdote: salot na ketong yaon; lumitaw sa sibol. **21** Datapua't kung pagtingin ng sacerdote, ay makitang walang balahibong puti yaon, o hindi impis man kay sa balat, kungdi namutla, kukulungin ng sacerdote ang may sugat na pitong araw: **22** at kung kumalat sa balat, ipakikilala ng sacerdote na karumaldumal siya: salot nga yaon. **23** Nguni't kung ang dungis na makintab ay tumigil sa kaniyang lugar, at hindi kumalat, yao'y piklat ng sibol; at ipakikilala ng sacerdoteng malinis siya. **24** O pagka nagkaroon sa balat ng laman, ng paso ng apoy, at ang lamang paso ay naging tila dungis na makintab, na namumulamulang puti, o maputi; **25** kung magkagayo'y titingnan ng sacerdote: at, narito, kung makitang ang buhok ay pumuti sa dungis na makintab, at tila mandin madilim kay sa balat; yao'y ketong, na lumitaw sa paso: at ipakikilala ng sacerdote na karumaldumal: salot na ketong nga yaon. **26** Nguni't kung pagtingin ng sacerdote, at, narito, makitang sa dungis na makintab ay walang balahibong maputi, at hindi impis kay sa balat, kungdi namutla; kukulungin nga siya ng sacerdote na pitong araw: **27** at titingnan ng sacerdote sa ikapitong araw: kung kumalat sa balat, ipakikilala ng sacerdote na karumaldumal: salot na ketong nga yaon. **28** At kung ang dungis na makintab ay tumigil sa kaniyang lugar, at hindi kumalat sa balat, kungdi pumutla, ay pamamaga ng paso yaon, at ipakikilala ng sacerdote na malinis: sapagka't piklat ng paso yaon.

**29** At kung ang sino mang lalaki o babaye ay magkasugat sa ulo o sa baba, **30** kung magkagayo'y titingnan ng sacerdote ang sugat: at, narito, kung makitang tila malalim kay sa balat, at yao'y may buhok na naninilaw na manipis, ay ipakikilala ng sacerdote na karumaldumal, tina nga; ketong nga yaon sa ulo, o sa baba. **31** At kung makita ng sacerdote ang sugat ng tina, at, narito, tila hindi malalim kay sa balat, at walang buhok na maitim yaon ay kukulungin ng sacerdote ang may sugat ng tina, na pitong araw: **32** at sa ikapitong araw ay titingnan ng

sacerdote ang sugat: at, narito, kung makitang hindi kumalat ang tina, at walang buhok na naninilaw, at tila ang tina ay hindi malalim kay sa balat, **33** kung magkagayo'y aahitan, datapua't hindi aahitan ang lugar ng tina, at ipakukulong ng sacerdote ang may tina ng muling pitong araw: **34** at titingnan ng sacerdote ang tina sa ikapitong araw: at, narito, kung makitang hindi kumalat ang tina sa balat, at tila hindi malalim kay sa balat; ipakikilala nga ng sacerdote na malinis: at siya'y maglalaba ng kaniyang suot at magiging malinis. **35** Nguni't kung ang tina ay kumalat sa balat, pagkatapos ng kaniyang paglilinis; **36** kung magkagayo'y titingnan ng sacerdote: at, narito, kung makitang kumalat ang tina sa balat, ay hindi hahanapin ng sacerdote ang buhok na naninilaw; yao'y karumaldumal. **37** Datapua't kung sa kaniyang akala ang tina ay tumigil, at may tumubong buhok na itim; gumaling ang tina, siya'y malinis: at ipakikilalang malinis ng sacerdote.

**38** At pagka ang isang lalaki o babaye ay nagkaroon sa balat ng kaniyang laman ng naningintab na dungis, ng makikintab na dungis na puti; **39** kung magkagayo'y titingnan ng sacerdote, at, narito, kung makitang ang naningintab na dungis sa balat ng kaniyang laman ay namumutimuti; yao'y albarazo na sumibol sa balat; siya'y malinis.

**40** At kung ang sino man ay nalulugunan ng buhok, yao'y kalvo; nguni't malinis. **41** At kung sa dakong harapan ng ulo nalugunan ng buhok, ay kalvo yaon sa noo; nguni't malinis. **42** Datapua't kung sa kakalvuhan, sa ulo o sa noo ay magkasugat ng namumulang maputi; ay ketong na sumisibol sa kaniyang kakalvuhan, ng ulo o sa kaniyang kakalvuhan ng noo. **43** Kung magkagayo'y titingnan siya ng sacerdote, at, narito, kung ang pamamaga ng sugat ay namumulamulang maputi sa kaniyang kakalvuhan ng ulo o sa kaniyang kakalvuhan ng noo, gaya ng bichura ng ketong sa balat ng kaniyang laman; **44** siya'y may ketong, siya'y karumaldumal: ipakikilala siyang tunay na karumaldumal ng sacerdote; nasa kaniyang ulo ang kaniyang salot.

**45** At ang may ketong na kinaroroonan ng salot, ang kaniyang mga suot ay hahapakin, at ang buhok ng kaniyang ulo ay ilalaylay, at siya'y magtatakip ng kaniyang labi sa itaas, at maghihihiyaw

ng | Karumaldumal ! | karumaldumal !  
**46** Boong panahong siya'y karoonan ng salot, siya'y magiging karumaldumal; siya'y karumaldumal: siya'y tatahang bukod; sa labas ng kampoamento malalagay ang kaniyang tahanan.

**47** Ang suot ng may ketong, maging sa kasuotang lana o sa kasuotan lino; **48** maging ito'y sa paayon o maging sa pahalang; sa lino o lana; maging sa balat o sa alin mang yaring balat; **49** kung ang sugat ay nanemerde o namumula sa kasuotan, o sa balat, maging sa paayon, o sa pahalang, o sa alin mang kasangkapang balat; yaoy salot na ketong at ipakikita sa sacerdote: **50** at titingnan nga ng sacerdote ang sugat, at ipatitago ang bagay na may sugat ng pitong araw: **51** at titingnan ang bagay na may sugat, sa ikapitong araw: kung kumalat ang sugat sa kasuotan, maging sa paayon, o sa pahalang, o sa balat, o alin mang ginagawa sa balat, ay ketong na ngumangatngat ang gayong salot; yaoy karumaldumal. **52** At kaniyang susunugin ang kasuotan, maging ito'y sa paayon maging sa pahalang ng lana o lino, o sa alin mang kasangkapang balat na kinaroroonan ng salot; sapagka't yaoy ketong na ngumangatngat: yaoy susunugin sa apoy. **53** At kung pagtingnan ng sacerdote, at, narito, makitang hindi kumalat ang sugat sa kasuotan, maging sa paayon man, o sa pahalang man, o sa alin mang kasangkapang balat; **54** kung magkagayo'y palalabhan ng sacerdote yaong kinaroroonan ng sugat, at ipatitagong muli na pitong araw: **55** at titingnan ng sacerdote ang bagay na may sugat, pagkatapos na malabhan: at, narito, kung makitang ang sugat ay hindi nagbago ang kulay, at hindi kumalat ang sugat, yaoy karumaldumal; susunugin mo sa apoy: isang ngatngat nga, maging ang naahit ay nasa karayagan o nasa kabaligtaran. **56** At kung pagtingnan ng sacerdote, at, narito, makitang namula ang lugar na may sugat pagkatapos na malabhan, kung gayo'y hahapakin sa kasuotan, o sa balat, o sa paayon, o sa pahalang: **57** at kung muling lumitaw sa kasuotang yaon, maging sa paayon, o sa pahalang, o sa alin mang yari sa balat, ay muling sumisibol: susunugin mo sa apoy yaong kinaroroonan ng salot. **58** At ang kasuotan, maging sa paayon, o sa pahalang, o sa alin mang yari sa balat, na iyong labhan, kung maalis ang sugat, lalabhan ngang ikalawa, at magiging malinis.

**59** Ito ang kautusan tungkol sa salot na ketong sa kasuotan na lana o lino, (maging sa pahaba o sa pahalang) o sa alin mang yari sa balat; upang ipakilalang malinis, o upang ipakilalang karumaldumal.

**14** At nagsalita ang PANGINOON kay Moises, na sinabing: **2** Ito ang magiging kautusan tungkol sa may ketong, sa kaarawan ng kaniyang paglilinis: siya'y dadalhin sa sacerdote: **3** at ang sacerdote ay lalabas sa kampoamento; at titingnan ng sacerdote, at narito, kung ang sugat na ketong ay magaling na sa may ketong; **4** kung magkagayo'y ipag-utos ng sacerdote na kumuha para doon sa maglilinis, ng dalawang ibong malinis na mga buhay, at kahoy na cedro, at eskarlata, at hisopo: **5** at ipagutos ng sacerdote, na patayin ang isa sa mga ibon, sa isang sisidlang lupa sa ibabaw ng agos ng tubig: **6** tungkol sa ibong buhay, kaniyang kukunin at ang kahoy na cedro, at ang eskarlata at ang hisopo, at mga babasain pati ng ibong buhay, sa dugo ng ibong pinatay sa agos ng tubig: **7** at iwiwisik doon sa malilinis sa ketong, na makapito, at ipakikilalang malinis, at pawawalan ang ibong buhay sa kalawakan ng parang. **8** At yaong maglilinis ay maglalaba ng kaniyang mga suot, at mag-aahit ng lahat niyang bukok, at maliligo sa tubig, at magiging malinis: at pagkatapos ay papasok sa kampoamento, datapua't tatahan sa labas ng kaniyang dampa na pitong araw. **9** At mangyaring sa ikapitong araw, na muling mag-aahit ng lahat niyang bukok, sa kaniyang ulo, at sa kaniyang baba, at sa kaniyang kilay; na ano pa't aahitin niya ang lahat niyang bukok: at kaniyang lalabhan ang kaniyang mga suot, at kaniyang paliliguan ang kaniyang mga lamau sa tubig, at magiging malinis. **10** At sa ikawalong araw ay kukuha siya ng dalawang corderong lalaki na walang kapintasan, at ng isang corderong babaye ng unang taon na walang kapintasan, at ng isang handog na harina na tatlong ikasampung bahagi ng isang efa ng mainam na harina na hinaluan ng langis, at ng isang log na langis. **11** At ang sacerdoteng naglilinis sa kaniya, ay ihalarap ang tawong malilinis, at ang mga bagay na yaon, sa harap ng PANGINOON, sa pintuan ng dampa ng kapisanan: **12** at kukuha ang sacerdote ng isa sa mga corderong lalaki at ihaban-

dog na pinakahandog sa pagkakasala, at ng log na langis, at mga aalogin na pinakahandog na inalag sa harap ng PANGINOON: **13** at papatayin ang corderong lalaki sa pinagpapatayan ng handog dahil sa kasalanan at ng handog na susunugin, sa lugar ng santuario: sapagka't kung paanong ang handog dahil sa kasalanan ay sa sacerdote, gayon ang handog dahil sa pagkakasala; *bagay na kasantsantohan nga*: **14** At ang sacerdote ay kukuha sa dugo ng handog dahil sa pagkakasala, at ilalagay ng sacerdote sa ibabaw ng pingol ng kanang tainga niyaong naglilinis, at sa ibabaw ng daliring hinlalaki ng kaniyang kanang kamay, at sa ibabaw ng daliring hinlalaki ng kaniyang kanang paa: **15** at kukuha ang sacerdote sa log na langis, at ibubuhos sa ibabaw ng palad ng kaniyang kaliwang kamay: **16** at babasain ng sacerdote ang kanang daliri niya sa langis na nasa kaniyang kaliwang kamay, at wiwiskan siya ng langis ng kaniyang daliri na makapito sa harap ng PANGINOON: **17** at sa lumabis sa langis na nasa kaniyang kamay, ilalagay ng sacerdote sa ibabaw ng pingol ng kanang tainga ng malilinis, at sa ibabaw ng daliring hinlalaki ng kaniyang kanang kamay, at sa ibabaw ng daliring hinlalaki ng kaniyang kanang paa, sa ibabaw ng dugo ng handog dahil sa pagkakasala: **18** at ang labis sa langis na nasa kamay ng sacerdote, ilalagay niya sa ulo niyaong malilinis: at itutubos sa kaniya ng sacerdote sa harap ng PANGINOON. **19** At ihahandog ng sacerdote ang handog dahil sa kasalanan, at itutubos sa kaniya, na malilinis dahil sa kaniyang karumihan; at pagkatapos ay papatayin ang handog na susunugin: **20** at ihahandog ng sacerdote ang handog na susunugin at ang handog na harina sa ibabaw ng altar: at itutubos sa kaniya ng sacerdote, at siya'y magiging malinis.

**21** At kung siya'y dukha at ang kaniyang kaya ay hindi aabot, kumuha nga siya ng isang corderong lalaki upang handog dahil sa pagkakasala, na aalogin upang itubos sa kaniya, at ng ikasampung bahagi ng isang *efa* ng maluan na harina, na hinaluan ng langis na pinakahandog na harina, at ng isang log na langis; **22** at ng dalawang batobato o ng dalawang inakay ng kalapati, kung alin ang aabutin ng kaniyang kaya; at ang isa'y magiging handog dahil sa kasalanan, at ang isa'y handog na susunugin. **23** At

sa ikawalong araw kaniyang mga dadalhin sa sacerdote sa pintuan ng dampa ng kapisanan para sa kaniyang paglilinis sa harap ng PANGINOON. **24** At kukuniu ng sacerdote ang corderong handog, dahil sa pagkakasala at ang log na langis, at mga aalogin ng sacerdote na pinakahandog na inalag sa harap ng PANGINOON: **25** at kaniyang papatayin ang corderong handog dahil sa pagkakasala, at kukulia ang sacerdote ng dugo ng handog dahil sa pagkakasala, at ilalagay sa ibabaw ng pingol ng kanang tainga niyaong naglilinis, at sa ibabaw ng daliring hinlalaki ng kaniyang kanang kamay, at sa ibabaw ng daliring hinlalaki ng kaniyang kanang paa: **26** at magbubuhos ang sacerdote ng langis sa ibabaw ng palad ng kaniyang sariling kaliwang kamay: **27** at magwiwisik ang sacerdote ng kaniyang kanang daliri, ng langis na nasa kaniyang kaliwang kamay, na makapito sa harap ng PANGINOON: **28** at maglalagay ang sacerdote ng langis na nasa kaniyang kamay, sa ibabaw ng pingol ng kanang tainga niyaong malilinis, at sa ibabaw ng daliring hinlalaki ng kaniyang kanang kamay, at sa ibabaw ng daliring hinlalaki ng kaniyang kanang paa, sa ibabaw ng pinaglagayan ng dugong handog dahil sa pagkakasala: **29** at ang labis ng langis na nasa kamay ng sacerdote ay ilalagay niya sa ulo niyaong malilinis, upang itubos sa kaniya sa harap ng PANGINOON. **30** At kaniyang ihahandog ang isa sa mga batobato o sa mga inakay ng kalapati, kung alin ang kaniyang kaya; **31** kung alin ang aabutin ng kaniyang kaya, ang isa'y sa handog dahil sa kasalanan, at ang isa'y sa handog na susunugin, sampuo ng handog na harina: at itutubos sa kaniya ng sacerdote, doon sa malilinis, sa harap ng PANGINOON. **32** Ito ang kautusan tungkol sa may salot na ketong, na ang kaniyang kaya ay hindi abot sa *nariukol* sa kaniyang paglilinis.

**33** At sinalita ng PANGINOON kay Moises at kay Aaron, na sinabing: **34** Pagkayo'y nakapasok na sa lupain ng Kanaan, na ibibigay ko sa inyong pag-aari, at ako'y naglagay ng salot na ketong sa alin mang bahay sa lupaing inyong inaari; **35** kung magkagayo'y paroroon yaong may-ari ng bahay at magbibigay alam sa sacerdote, na sasabihing: Tila mandin *mairorog* parang salot sa bahay: **36** at ipag-uutos ng sacerdote na alisan ng laman ang bahay bago pumasok ang

sacerdote na kilalanin ang sugat, upang ang lahat na nasa bahay ay huag malahawa; at pagkatapos ay papasok sa bahay ang sacerdote upang tingnan: **37** at titingnan ang sugat, at, narito, kung makitang ang sugat ay nasa mga panig ng bahay na may ukit na namamerd, o namamala at tila malalim kay sa panig; **38** kung magkagayo'y lababas ang sacerdote sa bahay hangang sa pintuan ng bahay, at ipapasara ang bahay na pitong araw: **39** at babalik ang sacerdote sa ikapitong araw, at titingnan; at narito, kung makitang kumalat ang ketong sa mga panig ng bahay; **40** ipabubunot nga ng sacerdote ang mga batong kinaroroonan ng ketong at mga ipatatapon sa labas ng ciudad sa lugar na karumaldumal: **41** at ipakakayas ang palibot ng loob ng bahay, at ang argamasang inalis na kinayas ay itatapon sa labas ng ciudad sa lugar na karumaldumal: **42** at magsisikuha ng ibang mga bato, at mga ilalagay na kahalili ng mga batong yaon, at magsisikuha ng ibang argamasa at babaguhin ang bahay. **43** At kung muling bumalik ang salot, at sumibol sa bahay, pagkatapos na mabunot ang mga bato, at pagkatapos na makayas ang bahay, at pagkatapos na mabago; **44** kung magkagayo'y papasok ang sacerdote at titingnan, at, narito, kung makitang ang salot ay kumalat sa bahay ay ketong na nakakahawa sa bahay: ito'y karumaldumal. **45** At igigiba niya ang bahay na yaon, ang mga bato at ang mga kahoy, at ang boong argamasa ng bahay; at dadalhin sa labas ng ciudad sa lugar na karumaldumal. **46** Buked dito'y ang pumasok sa bahay na yaon ng boong panahong nasasara ay magiging karumaldumal hangang hapon. **47** At ang mahiga sa bahay na yaon ay maglalaba ng kaniyang mga suot; at ang kumain sa bahay na yaon ay maglalaba ng kaniyang mga suot. **48** At kung papasok ang sacerdote, at titingnan, at, narito, hindi kumalat ang salot sa bahay, pagkatapos na mabago; ipakikilala nga ng sacerdoteng malinis ang bahay, sapagka't gumaling sa salot. **49** At upang linisin ang bahay ay kukuha ng dalawang ibon, at ng kahoy na cedro, at ng eskarlata, at ng hisopo: **50** at papatayin ang isa sa mga ibon sa isang sisidlang lupa sa itaas ng tubig: **51** at kukuha niya ang kahoy na cedro, at ang hisopo, at ang eskarlata, at ang ibong buhay, at mga babasain sa dugo ng ibong pinatay, at sa agos ng tubig, at wiwiskan ang

bahay na makapito: **52** at kaniyang linisin ang bahay ng dugo ng ibon, at ng agos ng tubig, at ng ibong buhay at ng kahoy na cedro, at ng hisopo, at ng eskarlata: **53** datapua't pawawalan ang ibong buhay sa labas ng ciudad, sa kalawakan ng parang: gayon tutubusin ang bahay: at magiging malinis.

**54** Ito ang kautusan tungkol sa sarisaring salot na ketong at sa tina; **55** at sa ketong ng suot, at ng bahay; **56** at sa pamamaga, at sa langib, at sa dungis na makintab; **57** upang ipakilala pagka ang alin mang bagay ay karumaldumal, at pagka malinis: ito ang kautusan tungkol sa ketong.

**15** At nagalita ang PANGINOON kay Moises at kay Aaron na sinabing: **2** Salitain ninyo sa mga anak ng Israel, at inyong sabihin sa kanilang: Pagka ang alin mang tawo ay nagkaroon ng agas ng kaniyang laman, dahil sa kaniyang agas ay magiging karumaldumal siya. **3** At ito ang magiging kaniyang karumalan sa kaniyang agas: maging ang kaniyang laman ay balungan dahil sa kaniyang agas, o ang kaniyang laman ay masarhan dahil sa kaniyang agas, kaniyang karumalan nga. **4** Lahat ng lihigang mahigaan ng inaagasan magiging karumaldumal: at lahat ng bagay na kaniyang kaupuan, ay magiging karumaldumal. **5** At sino mang tawo na humipo ng kaniyang lihigan ay maglalaba ng kaniyang mga suot, at maliligo siya sa tubig, at magiging karumaldumal hangang hapon. **6** At ang maupo sa ano mang bagay na kaupuan ng inaagasan ay maglalaba ng kaniyang mga suot, at maliligo siya sa tubig, at magiging karumaldumal hangang hapon. **7** At ang humipo ng laman niyaong inaagasan ay maglalaba ng kaniyang mga suot at maliligo siya sa tubig, at magiging karumaldumal hangang hapon. **8** At kung ang inaagasan ay makalura sa tawong malinis, maglalaba nga ito ng kaniyang mga suot, at maliligo siya sa tubig, at magiging karumaldumal hangang hapon. **9** At alin mang sia na kasakian ng inaagasan, ay magiging karumaldumal. **10** At ang alin mang tawong humipo ng alin mang bagay na napalagay sa ilalim niya, ay magiging karumaldumal hangang hapon: at ang magdala ng mga bagay na yaon ay maglalaba ng kaniyang mga suot, at maliligo siya sa tubig, at magiging karumaldumal hangang hapon. **11** At

yaong lahat na mahipo ng inaagasan na hindi nakapaghugas ng kaniyang mga kamay sa tubig, siya man ay maglalaba ng kaniyang mga suot, at maliligo siya sa tubig, at magiging karumaldumal hangang hapon. **12** At ang sisidlang lupa na mahipo ng inaagasan, ay babasagin: at ang lahat ng kasangkapang kahoy ay babanlawan sa tubig. **13** At kung ang inaagasan ay gumaling sa kaniyang agas, ay bibilang siya ng pitong araw sa kaniyang paglilinis, at maglalaba ng kaniyang mga suot; at paliliguan din niya ang kaniyang laman sa agos ng tubig, at magiging malinis. **14** At sa ikawalong araw ay magdadala siya ng dalawang batobato, o ng dalawang inakay ng kalapati, at ihaharap niya sa harap ng PANGINOON sa pasukan ng dampa ng kapisanan, at ibibigay niya sa sacerdote: **15** at mga ihahandog ng sacerdote, ang isa'y sa handog dahil sa kasalanan, at ang isa'y sa handog na susunugin; at itutubos sa kaniya ng sacerdote sa harap ng PANGINOON, dahil sa kaniyang agas.

**16** At kung ang sino mang tawo ay labasan ng binhi ng pakikiapid, ay paliliguan nga niya ng tubig ang boong kaniyang laman, at magiging karumaldumal hangang hapon. **17** At lahat ng damit at lahat ng balat na kinaroonan ng binhi ng pakikiapid, lalabhan sa tubig, at magiging karumaldumal hangang hapon. **18** Ang babaye rin namang sinipingang ng lalaking mairon ng binhi ng pakikiapid, ay maliligo sila sa tubig at magiging karumaldumal sila hangang hapon.

**19** At kung ang babaye ay magkaroon ng agas, na dugo angagas ng kaniyang laman, ay mapapasa kaniyang karumihan siyang pitong araw: at lahat ng gumalaw sa kaniya ay magiging karumaldumal hangang hapon. **20** At lahat ng kaniyang kahinaan sa panahon ng kaniyang karumalan, ay magiging karumaldumal, yaong lahat na kaupuan niya ay magiging karumaldumal. **21** At sino mang humipo ng kaniyang hihigan ay maglalaba ng kaniyang mga suot, at maliligo sa tubig, at magiging karumaldumal hangang hapon. **22** At ang humipo ng alin mang bagay na kaniyang kaupuan ay maglalaba ng kaniyang mga suot, at maliligo siya sa tubig, at magiging karumaldumal hangang hapon. **23** At kung may nasa hihigan o nasa ano mang bagay na kinaupuan niya, sino mang humipo ay magiging karumaldumal hangang hapon. **24** At kung ang

sino mang lalaki ay sumipiug sa kaniya, at mapasa lalaki ang karumihan niya, siya'y magiging karumaldumal na pitong araw; at lahat ng hihigan na kaniyang hinigan ay magiging karumaldumal.

**25** At kung ang isang babaye ay agasan ng kaniyang dugo ng mahabang araw sa di kapanahunan ng kaniyang karumihan, o kung magkaroon ng agas sa dako pa roon ng panahon ng kaniyang karumihan; boong panahon ng agas ng kaniyang karumalan ay magiging para ng mga araw ng kaniyang karumihan: siya'y karumaldumal nga. **26** Lahat ng hihigan kinahigan niya ng boong panahon ng kaniyang agas, magiging sa kaniya'y gaya ng hihigan ng kaniyang karumihan; at lahat ng bagay na kaniyang kaupuan, ay magiging karumaldumal, gaya ng karumalan ng kaniyang karumihan. **27** At sino mang humipo ng mga bagay na yaon ay magiging karumaldumal, at maglalaba ng kaniyang mga suot, at maliligo siya sa tubig, at magiging karumaldumal hangang hapon. **28** Datapua't kung siya'y gumaling sa kaniyang agas, kung magkagayo'y bibilang siya ng pitong araw, at pagkatapos noon ay magiging malinis siya. **29** At sa ikawalong araw ay kukuha siya ng dalawang batobato o ng dalawang inakay ng kalapati, at dadalhin niya sa sacerdote sa pintuan ng dampa ng kapisanan. **30** At ihahandog ng sacerdote ang isa sa handog dahil sa kasalanan, at ang isa'y sa handog na susunugin; at itutubos sa kaniya ng sacerdote sa harap ng PANGINOON, dahil sa agas ng kaniyang karumihan.

**31** Ganito ibihiwalay ninyo ang mga anak ng Israel sa kanilang karumalan; upang huag ngamatay sa kanilang karumalan, kung kanilang ihawa ang aking tabernakulo na nasa gitna nila.

**32** Ito ang kautusan tungkol sa inaagasan, at doon sa nilalabasan ng binhi ng pakikiapid, na ano pa't karumalan yaon; **33** at sa babayeng may sakit ng kaniyang karumihan, at sa inaagasan, sa lalaki at sa babaye, at doon sa sumisiping sa babayeng karumaldumal.

**16** At nagsalita ang PANGINOON kay Moises, pagkamatay ng dalawang anak ni Aaron, ng sila'y magsilapit sa harap ng PANGINOON, at namatay; **2** at sinabi ng PANGINOON kay Moises: Salitain mo kay Aarong iyong kapatid na huag pumasok sa boong panahon sa lugar

na santo, sa loob ng tabing, sa harap ng loklokan ng awa na nasa ibabaw ng kaban; upang siya'y lung mamatay: sa pagka't ako'y pakikitang nasa alapaup sa ibabaw ng loklokan ng awa. **3** Gayon papasok nga si Aaron sa loob ng lugar na santo: na dala ang isang gnyang toro sa handog dahil sa kasalanan, at isang tupang lalaki sa handog na susunugin. **4** Siya'y magsusuet ng santong tunika na kayong puti at ng mga salual na kayong puti sa ibabaw ng kaniyang laman, at magbibigkis siya ng pamigkis na kayong puti, at ang mitra na kayong puti ay kaniyang isusuet: ito ang mga bihisang santo; kaniya ngang paliliguan ang kaniyang laman sa tubig, at mga isusuet niya. **5** At siya'y kukuha sa ganang kapulungan ng mga anak ng Israel, ng dalawang kambing na lalaki sa handog dahil sa kasalanan, at ng isang tupang lalaki sa handog na susunugin. **6** At ihaharap ni Aaron ang toro na handog dahil sa kasalanan na para kaniyang sarili, at itutubos sa kaniya at sa kaniyang bahay. **7** At kukunin niya ang dalawang kambing at mga ilalagay niya sa harap ng PANGINOON sa pintuan ng dampa ng kapisanan. **8** At pag-asapalarang laro ni Aaron ang dalawang kambing; ang isang palad ay sa PANGINOON at ang isang palad ay kay Azazel. **9** At ihaharap ni Aaron ang kambing na kinahulugan ng palad para sa PANGINOON, at ihahandog na pinakahandog dahil sa kasalanan. **10** Ngunit ang kambing ay kinahulugan ng palad para kay Azazel ay ilalagay na buhay sa harap ng PANGINOON, upang itubos sa kaniya, at ipadala kay Azazel sa ilang. **11** At ihaharap ni Aaron ang toro na handog dahil sa kasalanan, na sa kaniyang sarili, at itutubos sa kaniyang sarili at sa kaniyang kasambahay, at papatayin ang toro na handog dahil sa kasalanan na para sa kaniyang sarili: **12** at kukuha siya ng isang pangsuob na puno ng mga bagang apoy mula sa altar na nasa harap ng PANGINOON, at kukuha ng dalawang dakot ng masarap na kamanyan na totoong dikdik, na kaniyang dadalhin sa loob ng tabing: **13** at ilalagay niya ang kamanyan sa ibabaw ng apoy sa harap ng PANGINOON, upang ang usok ng kamanyan ay takpan ang loklokan ng awa na nasa ibabaw ng kaban ng patotoo, upang luag siyang mamatay; **14** at siya'y kukuha ng dugo ng toro at iwiwisik ng kaniyang daliri sa ibabaw ng loklokan ng

awa, sa dakong silanganan; at sa harap ng loklokan ng awa ay iwiwisik niya na makapito ng kaniyang daliri ang dugo. **15** Kung magkagayo'y papatayin niya ang kambing na handog dahil sa kasalanan, na para sa bayan, at dadalhin ang kaniyang dugo sa loob ng tabing, at gagawin sa kaniyang dugo ay gaya ng ginawa sa dugo ng toro na iwiwisik sa ibabaw ng loklokan ng awa at sa harap ng loklokan ng awa: **16** at itutubos niya sa santong lugar dahil sa mga karumalan ng mga anak ng Israel, at dahil sa kanilang mga pagsalangsang sa lahat nga nilang mga kasalanan: at gayon ang kaniyang gagawin para sa dampa ng kapisanan na tumatahan na kasama nila, sa gitna ng kanilang mga karumalan. **17** At huag magkakaroon ng sino mang tawo sa dampa ng kapisanan pagka siya'y papasok upang itubos niya sa santong lugar hangang sa lumakas siya, at itutubos sa kaniyang sarili, at sa kaniyang kasambahay, at sa boong kapisanan ng Israel. **18** At lalabas siya na patungo sa altar na nasa harap ng PANGINOON, at itutubos dito; at kukuha ng dugo ng toro, at ng dugo ng kambing, at ilalagay sa ibabaw ng mga sungay ng altar sa palibot. **19** At magwiwisik siya ng dugo sa altar ng kaniyang daliri na makapito, at lilinisin at sasantohin dahil sa mga karumalan ng mga anak ng Israel. **20** At pagkatapos na makaganap ng katubusan sa santong lugar, at sa dampa ng kapisanan, at sa altar, ay ihahandog ang kambing na buhay: **21** at ipapatong ni Aaron ang kaniyang dalawang kamay sa ulo ng kambing na buhay, at isusulit sa ibabaw noon ang lahat ng kasaman ng mga anak ng Israel, at lalat ng kanilang pagsalangsang, lahat ng kanilang mga kasalanan; at mga ilalagay niya sa ulo ng kambing, at ipadadala sa ilang sa pamamagitan ng kamay ng isang tawong bibasa: **22** at dadalhin ng kambing ang lahat ng kasaman nila, sa lupaing hindi tumatahan; at pawawalan niya ang kambing sa ilang. **23** At papasok si Aaron sa dampa ng kapisanan, at maghuhubad ng mga suet na kayong puti, na isinuet niya ng siya'y pumasok sa santong lugar, at mga liwan niya roon: **24** at paliliguan niya ang kaniyang laman sa tubig sa lugar na santo, at magsusuet ng kaniyang mga suet, at lalabas at ihahandog ang kaniyang handog na susunugin at ang handog na susunugin ng bayan, at itutubos sa kaniyang sarili at sa bayan.

**25** At tutunawin sa ibahaw ng altar ang taba ng handog dahil sa kasalanan. **26** At yaong nagpakawala ng kambing para kay Azazel, ay maglalaba ng kaniyang mga suot at maghuhugas ng kaniyang laman sa tubig, at pagkatapos ay makapapasok siya sa kampo. **27** At ang toro na handog dahil sa kasalanan at ang kambing na handog dahil sa kasalanan, na ang dugo ay dinala sa loob ng santong lugar upang itubos, ay mga ilalabas sa kampo; at susunugin nila sa apoy ang mga balat ng mga yaon, at ang laman at ang dumi. **28** At ang magsusunog ay maglalaba ng kaniyang mga suot, at maghuhugas ng kaniyang laman sa tubig, at pagkatapos nito ay papasok sa kampo.

**29** At ito'y magiging palatuntunan magpakailan man sa inyo: sa ikapitong buan ng ikasampung araw ng buan, ay pagdadalamhatiin niinyo ang inyong mga kalulua, at ano mang gagawin ay huag kayong gagawa ang inyong mga kalahi, o ang taga ibang bayan man na tumitira sa inyo: **30** sapagka't sa araw na ito itutubos sa inyo upang linisin kayo; sa lahat ng inyong mga kasalanan ay magiging malinis kayo sa harap ng PANGINOON. **31** Sabadong kapingahang dakila sa inyo, at pagdadalamhatiin niinyo ang inyong mga kalulua; palatuntunang magpakailan man ito. **32** At ang sacerdoteng pinahiran at itinalaga upang maging sacerdote na kahalili ng kaniyang ama, ay siyang tutubos, at magsusuot ng mga kasuotang kayong puti, na mga santong kasuotan nga: **33** at itutubos niya sa santong santuario, at itutubos niya sa dampa ng kapisanan, at sa altar; at itutubos niya sa mga sacerdote at sa boong bayan ng kapisanan. **34** At ito'y magiging palatuntunan magpakailan man sa inyo; upang itubos sa mga anak ng Israel, dahil sa lahat nilang mga kasalanan, ng minsan sa isang taon. At ginawa ni Aaron, ayon sa inutos ng PANGINOON kay Moises.

**17** At sinalita ng PANGINOON kay Moises, na sinabing: **2** Iyong salitain kay Aaron, at sa kaniyang mga anak, at sa lahat ng mga anak ng Israel, at sabihin mo sa kanilang: Ito ang inutos ng PANGINOON, na sinabing. **3** Sino mang tawo sa bahay ng Israel na pumatay ng baka, o cordero, o kambing sa loob ng kampo, o pumatay sa labas ng kam-

pamento, **4** at hindi dinala sa pintuan ng dampa ng kapisanan, upang ihandog na alay sa PANGINOON, sa harap ng tabernakulo ng PANGINOON: dugo ang ibibintang sa tawong yaon; siya'y nagbuhos ng dugo; at ang tawong yaon ay ihihiwalay sa kaniyang bayan: **5** upang ang mga anak ng Israel ay magdala ng kanilang mga hayin, na inihahayin sa kalawakan ng parang, upang kanilang dalhin sa PANGINOON nga, sa pintuan ng dampa ng kapisanan, sa sacerdote, at mga ihayin na mga hayin tungkol sa kapayapaan sa PANGINOON. **6** At iwiwisik ng sacerdote ang dugo sa ibabaw ng altar ng PANGINOON, sa pintuan ng dampa ng kapisanan, at susunugin ang taba na pinakamasarap na amoy sa PANGINOON. **7** At huag na nilang ihahayin ang kanilang mga hayin sa mga kambing na lalaki na kanilang pinakikiapiran. Magiging palatuntunan nga magpakailan man sa kanila sa boong panahon ng kanilang lahi.

**8** At sasabihin mo sa kanila: Sino mang tawo sa bahay ng Israel, o sa mga taga ibang bayan na nangingibang bayan sa kanila, na naghandog ng handog na susunugin o hayin. **9** at hindi dinadala sa pintuan ng dampa ng kapisanan, upang ihayin sa PANGINOON; ihihiwalay nga ang tawong yaon sa kaniyang bayan.

**10** At sino mang tawo sa bahay ng Israel o sa mga taga ibang bayan na nangingibang-bayan na kasama nila, na kumain ng alin mang dugo; ay aking itititig ang aking mukha laban sa tawong yaon na kumakain ng dugo, at ihihiwalay ko sa kaniyang bayan. **11** Sapagka't ang buhay ng laman ay nasa dugo: at aking ibinigay sa inyo sa ibabaw ng altar upang itubos sa inyong mga kalulua: sapagka't ang dugo'y siyang tumutubos dahil sa inyong buhay. **12** Kaya't aking sinabi sa mga anak ng Israel: Sino mang tawo sa inyo ay huag kakain ng dugo, o ang taga ibang bayan man na nangingibang-bayan sa inyo ay huag kakain ng dugo.

**13** At sino mang tawo sa mga anak ng Israel, o sa mga taga ibang bayan na nangingibang-bayan sa kanila na manghuli ng hayop o ng ibon na makakain; ibubuhos niya ang dugo noon at tatakpan ng lupa. **14** Sapagka't tungkol sa buhay ng lahat ng laman; ang dugo noon ay gaya rin ng buhay noon. Ka ya't sinabi ko sa mga anak ng Israel: Huag kayong kakain ng dugo ng alin

mang laman: sapagka't ang buhay ng lahat ng laman ay ang kaniyang dugo: sino mang kumain noon ay ibihihalay. **13** At yaong lahat na kumain ng naghibingalo o nilapa ng mga ganid, maging sa mga kalahi o sa mga taga ibang bayan, siya'y maglalaba ng kaniyang mga suot, at maliligo sa tubig, at magiging karumaldumal hangang hapon: kung magkagayon siya'y magiging malinis. **16** Datapua't kung di niya labhan, o paliguan man niya ang kaniyang laman, papasanin nga niya ang kaniyang kasam-an.

**18** At sinalita ng PANGINOON kay Moises, na sinabing: **2** Salitain mo sa mga anak ng Israel, at sabihin mo sa kanilang: Ako ang PANGINOONG inyong Dios. **3** Huag kayong gumawa ng gaya ng ginagawa sa lupain ng Egipto na inyong tinabanan: at huag din kayong gumawa ng gaya ng ginagawa sa lupain ng Kanaan, na pinagdadalhan ko sa inyo; at huag man kayong lumakad ng ayon sa mga palatuntunan nila. **4** Tutuparin ninyo ang aking mga kautusan, at lingatan ninyo ang aking mga palatuntunan, na inyong lalakaran: ako ang PANGINOONG inyong Dios. **5** Tutuparin nga ninyo ang aking mga palatuntunan at ang aking mga hatol; na ikabubuhay ng mga tagawong magsisitupad: Ako ang PANGINOON.

**6** Huag lumapit ang sino man sa inyo sa kanino man na kaniyang kamag-anak na malapit, upang ihayag ang kaniyang kahubaran: Ako ang PANGINOON. **7** Ang kahubaran ng iyong ama, maging ang kahubaran ng iyong ina ay huag mong ihahayag: siya'y iyong ina: huag mong ihahayag ang kahubaran niya. **8** Ang kahubaran ng asawa ng iyong ama ay huag mong ihahayag: yaon nga'y kahubaran ng iyong ama. **9** Ang kahubaran ng iyong kapatid na babaye, na anak ng iyong ama o anak ng iyong ina, maging ipinanganak sa bahay o sa labas ng bahay, ang kahubaran nga nila ay huag mong ihahayag. **10** Ang kahubaran ng anak na babaye ng iyong anak na lalaki, o ng anak na babaye ng iyong anak na babaye, ang kahubaran nga nila ay huag mong ihahayag: sapagka't ang kahubaran nila ay kahubaran mo rin. **11** Ang kahubaran ng anak na babaye ng asawa ng iyong ama, na naging anak sa iyong ama, (siya'y kapatid mo), ang kahubaran niya ay huag mong ihahayag. **12** Ang kahubaran ng

kapatid na babaye ng iyong ama ay huag mong ihahayag: siya'y kamag-anak na malapit ng iyong ama. **13** Ang kahubaran ng kapatid na babaye ng iyong ina ay huag mong ihahayag; sapagka't siya'y kamag-anak na malapit ng iyong ina. **14** Ang kahubaran ng kapatid na lalaki ng iyong ama ay huag mong ihahayag, sa asawa niya ay huag kang sisiping: siya'y iyong ale. **15** Ang kahubaran ng iyong manugang na babaye ay huag mong ihahayag: siya'y asawa ng iyong anak; ang kahubaran niya ay huag mong ihahayag. **16** Ang kahubaran ng asawa ng iyong kapatid na lalaki ay huag mong ihahayag: kahubaran nga yaon ng iyong kapatid na lalaki. **17** Ang kahubaran ng isang babaye at ng kaniyang anak na babaye ay huag mong ihahayag; o huag mo mang pakikisamahang ang anak na babaye ng kaniyang anak na lalaki o ang anak na babaye ng kaniyang anak na babaye, upang ihayag ang kaniyang kahubaran; sila'y kamag-anak na malapit niya, kasam-an nga. **18** At huag kang makikisama sa isang babayeng kalakip ng kaniyang kapatid, na magiging kaagaw niya, na iyong ihahayag ang kahubaran nito, bukod sa kahubaran niyaon, sa boong buhay niya. **19** At huag kang sisiping sa isang babaye sa karumihan ng kaniyang karumalan, upang ihayag ang kahubaran niya. **20** At huag kang makikiapit sa asawa ng iyong kapua, na magpakahawa sa kaniya. **21** At huag kang magbibigay ng sino man sa iyong binhi, na iyong palilipatin sa pamamagitan ng apo; kay Molok; o huag mong dudumhan man ang pangalan ng iyong Dios: Ako ang PANGINOON. **22** Huag kang sisiping sa lalaki ng gaya sa babaye: kasuklamsuklan nga. **23** At huag kang sisiping sa apo mang hayop na magpakahawa sa kaniya: o ang babaye man ay huag lalagay sa harap ng hayop upang paupid sa kaniya: isang kasiraan ng puri nga.

**24** Huag kayong magpakahawa sa alin man sa mga bagay na ito; sapagka't sa pamamagitan ng lahat na ito ay nauughawa ang mga nasyon na aking palalayasin sa harap ninyo: **25** at nahawa ang lupa: kaya't aking dinadalaw ang kasam-anon sa kaniya, at ang lupa rin ang naglulua sa mga tumatahan sa kaniya. **26** Inyo ngang lingatan ang aking mga palatuntunan, at ang aking mga kahatuhan, at huag kayong gagawa ng ano man



sa mga kasuklamsuklam na ito; maging ang mga kalahi man o ang mga taga ibang bayan man na nangigibang-bayan sa inyo: **27** (sapagka't ang lahat ng mga kasuklamsuklam na ito, ay ginawa ng mga tawo sa lupain, na mga una kay sa inyo; at ang lupa ay nahawa.) **28** upang huag namang kayong ilua ng lupa, pagka nahawa na ninyo, gaya ng paglulua sa nacion na nagsitahan ng una kay sa inyo. **29** Sapagka't yaong lahat na magkasala ng alin man sa mga kahalayang ito, ang mga tawong magsigawa nga ng gayon ay mga ihihwalay sa kanilang bahay. **30** Kaya ingatan ninyo ang aking bilin, na huag kayong gumawa sa alin man sa mga kasuklamsuklam na kaugaliang ito na *kanilang* ginawa ng una bago kayo, at huag kayong magpakahawa sa mga yaon: Ako ang PANGINOONG inyong Dios.

**19** At sinalita ng PANGINOON kay Moises, na sinabing: **2** Salitain mo sa boong kapulungan ng mga anak ng Israel, at sabihin mo sa kanilang: Kayo'y magiging santo; sapagka't akong PANGINOONG inyong Dios ay santo. **3** Matakot ang bawa't isa sa inyo, sa kaniyang ina at sa kaniyang ama, at ipangilin ninyo ang aking mga sabado: Ako ang PANGINOONG inyong Dios. **4** Huag kayong magsipag-balik sa mga idolo, o gumawa man kayo sa ganang inyo ng mga dios na binubo: Ako ang PANGINOONG inyong Dios. **5** At pagka kayo'y maghahandog sa PANGINOONG ng hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan, ay inyong ihahandog upang kayo'y kalugdan ko. **6** Sa araw ding ihandog ay kakanin, at kinabukasan; at ang lumabis hangang sa ikatlong araw ay susunugin sa apoy. **7** At kung kanin sa ano mang paraan sa ikatlong araw, ay kasuklamsuklam nga; hindi tatangapin yaon: **8** datapu't yaong kumain ay siyang magdadala ng kaniyang kasam-an; sapagka't dinumhan ang santong bagay ng PANGINOON: at ihihwalay ang gayong tawo sa kaniyang bayan.

**9** At pagka gagapas kayo ng mga uhay sa inyong lupain, huag mong pakakagapasin ang mga sulok ng inyong bukid, o huag mong panghihimalayan man ang inyong *lupang* ginapasan. **10** At huag mong halalawin ang inyong uvasan, o huag mong pupulutin man ang bungang nahulog sa inyong uvasan; sa dukha at sa taga ibang bayan, pababayaan mo: Ako ang PANGINOONG inyong Dios. **11** Huag kayong

magnanakaw, o kayo'y magdadaya man, o kayo'y magsisinungaling man. **12** At huag kayong susumpa ng di totoo sa aking pangalan, na ano pa't dumhan mo ang pangalan ng inyong Dios: Ako ang PANGINOON. **13** Huag kang pipighati sa inyong kapua, o magnanakaw man sa kaniya: ang hayad ng isang mag-aaraw ay huag matitira sa iyo ng boong gabi hangang umaga. **14** Huag mong lalaitin ang bingi, o maglalagay man ng katititsuran sa harap ng bulag, kungdi katatatakan mo ang inyong Dios: Ako ang PANGINOON. **15** Huag kang gagawa ng kalikuan sa paghatol: huag kang magpipitagan sa pagkatawo ng dukha, o igagalang man ang pagkatawo ng makapangyarihan: kungdi hahatulan mo ng katuiran ang inyong kapua. **16** Huag kang lalacad na mapaghatid dumapit sa inyong bayan: o magtitindig man laban sa dugo ng inyong kapua: Ako ang PANGINOON. **17** Huag mong kapopootan ang inyong kapua sa inyong puso: tunay na inyong sasawayin ang inyong kapua, at huag kang magkasala dahil sa kaniya. **18** Huag kang manghihiganti o magtatanim laban sa mga anak ng inyong bayan, kungdi ibigin mo ang inyong kapua ng gaya ng *pag-ibig* mo sa inyong sarili: Ako ang PANGINOON. **19** Ingatan ninyo ang aking mga palatuntunan. Huag mong papangangasawahin ang dalawang hayop na magkaiba: huag kang maghahasik sa inyong bukid ng dalawang magkaibang binhi: damit na *hinabi* na may magkahalong dalawang magkaibang kayo ay huag kang magsusuo. **20** At kung ang sino mang lalaki ay sumiping sa isang babayeng aliping kasal na may asawa, na hindi pa natutubos, o hindi pa man nahibigyan ng kalayaan; kapua parurusahan; hindi sila papatayin, sapagka't siya'y hindi laya. **21** At kaniyang dadalhin sa PANGINOON ang kaniyang handog dahil sa pagkakasala, sa pintuan ng dampa ng kapisanan, isang tupang lalaki na pinakahandog dahil sa pagkakasala: **22** at itutubos sa kaniya ng sacerdote sa pamamag-itan ng tupang handog dahil sa pagkakasala sa harap ng PANGINOON, dahil sa kaniyang kasalananang kaniyang pinagkasalahan, at ipata-tawad sa kaniya ang kaniyang kasalananang kaniyang pinagkasalahan. **23** At pagka kayo'y papasok sa lupain, at nakapagtanim na kayo ng sarisaring punong kahoy na pagkain, ay sariin ninyo ang bunga noot na gaya ng hindi pagkatuli ng mga yaon;

tatlong taong aariin niyong parang hindi natali; hindi kakainin yaon. **24** Daputa't sa ikaapat na taon, ang lahat na bunga noon ay magiging santo, upang pasalamat sa PANGINOON. **25** At sa ikalimang taon ay kakain kayo ng bunga noon, upang ibigay sa inyo ang bunga noon: Ako ang PANGINOONG inyong Dios. **26** Huag kayong kakain ng ano mang may dugo: at huag kayong gagamit man ng pangluhula o magsasanay man ng pamahiin. **27** Huag niyong aahitin na may anyong mabilog ang inyong buhok, o sisirain man ang mga dulo ng inyong balbas. **28** Huag niyong kukulitan ang inyong laman dahil sa patay: o limbagan man ang inyong laman ng ano mang tanda: Ako ang PANGINOON. **29** Huag mong lalapastanganin ang iyong anak na babaye, na siya'y iyong papagdalahirain; bago ang lupa ay malugmok sa pakikiapid, at mapuno ang lupa ng kasaman-an. **30** Ipangilin niyo ang aking mga sabado, at igagalang niyo ang aking santuario: Ako ang PANGINOON. **31** Huag kayong magbalik sa mga may espiritu na kasamasama, o sa mga manghuhula man; huag kayong magsakdal sa kanila upang huag kayong mahawa sa kanila: Ako ang PANGINOONG inyong Dios. **32** Magtitindig ka sa harap ng may uban at igagalang mo ang mukha ng matanda, at katatakutan mo ang iyong Dios: Ako ang PANGINOON. **33** At kung ang isang taga ibang bayan ay mangibang-bayan na kasama mo sa inyong lupain, ay huag niyong gagawan ng masama. **34** Ang taga ibang bayan na nangingibang-bayan na kasama niyo ay inyong aariin na parang isa rin sa inyong kalaki, at ibigin mo na para ng pag-ibig mo sa iyong sarili; sapagka't mga naging taga ibang bayan kayo sa lupain ng Egipto: Ako ang PANGINOONG inyong Dios. **35** Huag kayong gagawa ng kalikuan sa paghatol, sa pag-ukat, sa pagtimbang, o sa pagtakal. **36** Timbangang matuid, panimbang na matuid, efa na matuid at hin na matuid ang aariin niyo: Ako ang PANGINOONG inyong Dios na naglabas sa inyo sa lupain ng Egipto. **37** At kung ang isang tao ang lahat ng aking palatuntunan, at ang lahat ng aking mga hatol, at inyong tuparin: Ako ang PANGINOON.

**20** At sinalita ng PANGINOON kay Moises, na sinabing: **2** Sasabihin mo rin naman sa mga anak ng Israel: Sino mang tawo sa mga anak ng

Israel, o sa mga taga ibang bayan na nangingibang-bayan sa Israel, na magbigay ng kaniyang binhi kay Molok; siya'y papatayin na walang pagsala; siya'y babatuhin ng mga bato, ng bayan ng lupain. **3** Akin ding itititig ang aking mukha laban sa tawong yaon, at akin siyang ihihiwalay sa kaniyang bayan; sapagka't binigyan niya ng kaniyang binhi si Molok, upang ihawa ang aking santuario, at dumhan ang aking santong pangalan. **4** At kung ang bayan sa lupain sa paraang ano man ay ihihiwalay ang kanilang mga mata sa tawong yaon, ng siya'y nagbibigay ng kaniyang binhi kay Molok, at hindi patayin: **5** kung magkagayo'y itititig ko ang aking mukha laban sa tawong yaon, at laban sa kaniyang kasambahay, at ihihiwalay ko sa kanilang bayan, siya at lahat ng makiapid na sumunod sa kaniya, upang makiapid kay Molok. **6** At ang tawong magbalik sa mga may espiritu na kasamasama at sa mga manghuhula, upang makiapid sa mga yaon ay itititig ko ang aking mukha laban sa tawong yaon, at ihihiwalay ko sa kaniyang bayan. **7** Magpakasanto nga kayo at kayo'y maging santo; sapagka't ako ang PANGINOONG inyong Dios. **8** At iingatn niyo ang aking mga palatuntunan, at inyong tutuparin: Ako ang PANGINOONG nagpapasanto sa inyo. **9** Sapagka't lahat ng sumusumpa sa kaniyang ama o sa kaniyang ina ay papatayin na walang pagsala; kaniyang sinumpa ang kaniyang ama o ang kaniyang ina: mahulog ang kaniyang dugo sa kaniya. **10** Ang lalaki na mangalunya sa asawa ng iba, yaong mangalunya sa asawa ng kaniyang kapua, ay mga papatayin na walang pagsala ang mangangalunya at ang napakakalunya. **11** At ang lalaking sumiping sa asawa ng kaniyang ama, ang kahubaran ng kaniyang ama ang kaniyang inihayag: kapua sila papatayin na walang pagsala; mahulog ang dugo nila sa kanila. **12** At kung ang isang lalaki ay sumiping sa kaniyang manungang, kapua sila papatayin: sila'y gumawa ng kahalayan; mahulog ang kanilang dugo sa kanila. **13** At kung ang isang lalaki ay sumiping sa kapua lalaki, na gaya ng pagsiping sa babaye; kapua sila nagkasala ng kasuklam-suklam: sila'y papatayin na walang pagsala; mahulog ang kanilang dugo sa kanila. **14** At kung ang isang lalaki ay mag-asawa sa isang babaye at sa kaniyang

ina, ay kasam-an; susunugin sa apoy kapua siya at sila: upang huag magkaroon ng kasam-an sa inyo. **15** At kung ang isang lalaki ay makiapid sa hayop, siya'y papatayin na walang pagsala: at papatayin din ninyo ang hayop. **16** At kung ang isang babaye ay lumapit sa alin mang hayop at sumiping sa kaniya, ay papatayin mo ang babaye at ang hayop: sila'y papatayin na walang pagsala; mahulog ang kanilang dugo sa kanila. **17** At kung kunin ng isang lalaki ang kaniyang kapatid na babaye, na anak ng kaniyang ama o anak ng kaniyang ina, at kaniyang makita ang kaniyang kahubaran, at makita ng babaye ang kahubaran niya; bagay na kahiyahiya nga; at sila'y ihihiwalay sa paningin ng mga anak ng kanilang bayan: ang kahubaran ng kaniyang kapatid na babaye ay inihiyag niya; kaniyang dadalhin ang kasam-an niya. **18** At kung ang isang lalaki ay sumiping sa isang babayeng may sakit ng *panahon*, at ihayag ang kahubaran niya; kaniyang hinubdan ang agas niya, at siya naman ay naghayag ng agas ng kaniyang dugo: at silang dalawa ay ihihiwalay sa kanilang bayan. **19** At huag mong ihihayag ang kahubaran ng kapatid na babaye ng iyong ina, o ng kapatid na babaye ng iyong ama man; sapagka't ang *gumawa ng gayon* ay hinubdan ang kaniyang kamag-anak na malapit: kapua magdadala ng kanilang kasam-an. **20** At kung ang isang lalaki ay sumiping sa asawa ng kaniyang amain, ang kahubaran ng kaniyang amain ay kaniyang inihiyag: dadalhin nila ang kanilang kasalanan; mamamatay silang walang anak. **21** At kung ang isang lalaki ay makisama sa asawa ng kaniyang kapatid na lalaki, ay kahalayan: kaniyang inihiyag ang kahubaran ng kaniyang kapatid na lalaki; mabubuhay silang walang anak.

**22** Ingitan nga ninyo ang lahat ng aking mga palatuntunan at ang lahat ng aking mga hatol, at inyong tuparin: upang huag kayong ilua ng lupain na aking pinagdadalhan sa inyo na inyong tatahanan. **23** At huag kayong lalakad ng ayon sa mga kaugalian ng mga nasyon na aking palalaysin sa harap ninyo: sapagka't ang lahat ng kasam-ang ito ay ginawa nila, ang lahat ng bagay na ito, at kaya't aking kinapopootan. **24** Datapua't sa inyo'y aking sinabi: Mamanahin ninyo ang lupain nila, at ibibigay ko sa inyo upang inyong manahin, lupaing bi-

nubukalan ng gatas at pulot: Ako ang PANGINOONG inyong Dios na inihiwalay ko kayo sa mga bayan. **25** Inyo ngang paghihiwalayin ang hayop na malinis at ang karumaldumal, at ang ibong karumaldumal at ang malinis: at huag ninyong gawing kahalayhalay ang inyong pagkatawo, sa hayop o sa ibon, o sa ano mang bagay na umuusad sa lupa, na mga inihiwalay ko sa inyo sa paraang mga karumaldumal. **26** At kayo'y magpapakasanto sa akin: sapagka't akong PANGINOON ay santo, at kayo'y inihiwalay ko sa mga bayan, upang kayo'y magiging akin.

**27** Ang isang lalaki naman o ang isang babaye na mairroong espiritu na kasam-sama o manghuhula, papatayin na walang pagsala: sila'y babatuhin ng mga bato: mahulog ang kanilang dugo sa kanila.

**21** At sinabi ng PANGINOON kay Moises: Salitain mo sa mga sacerdoteng mga anak ni Aaron, at sabihin mo sa kanilang: Sino man sa inyo ay huag mahahawa ng dahil sa patay, sa gitna ng kaniyang bayan; **2** maliban sa kamag-anak na malapit, sa kaniyang ina at sa kaniyang kapatid na lalaki at babaye; **3** at sa kaniyang kapatid na dalaga, sa malapit sa kaniya, na walang asawa, sa kaniya ay maaaring magpakahawa siya. **4** Sa paraang puno sa kaniyang bayan, ay huag siyang magpakakahawa na magpakadumi. **5** Huag nilang kakalubuhin ang kanilang ulo, o aahitin man ang mga laylayan ng kanilang balbas, o kukudlitan man ang kanilang laman. **6** Sila'y magpapakasanto sa kanilang Dios, at huag nilang lalapastanganin ang pangalan ng kanilang Dios: sapagka't sila ang naglahandog ng mga handog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy, na pagkain ng kanilang Dios: kaya't sila'y magsasanto. **7** Huag silang makikisama sa babayeng dalahira o nadahas; o makikisama man sa babayeng inihiwalay ng kaniyang asawa: sapagka't ang *sacerdote* ay santo sa kaniyang Dios. **8** Sasantohan mo nga siya; sapagka't siya ang naglahandog ng pagkain ng iyong Dios: sapagka't siya'y kikalalanin mong santo; sapagka't akong PANGINOONG nagpapasanto sa inyo ay santo. **9** At kung ang anak na babaye ng isang sacerdote ay magpakadumi ng paglalaro ng pagdadalahira, kaniyang dinumhan ang kaniyang ama: siya'y susunugin sa apoy.

**10** At ang dakilang sacerdote sa kanilang magkakapatid, na binuhusan ang ulo ng langis na pangpahid, at itinalaga, upang makapaghilis ng mga *santong* bilihan, hindi maglahaylay ng buhok ng kaniyang ulo, o bahapakin ang kaniyang mga suot man; **11** o papasok man sa kinaroroonan ng bangkay nino man, o magpakahawa dahil sa kaniyang ama, o dahil sa kaniyang ina; **12** o lalabas man sa santuario, o dumhan man ang santuario ng kaniyang Dios; sapagka't ang talaga na langis na pangpahid ng kaniyang Dios ay nasa sa ulo niya: Ako ang PANGINOON. **13** At siya'y mag-nasawa sa isang dalaga. **14** Sa tao o inihawalay, nadahas o dalahira ay huag siyang mag-aasawa; kungdi isang dalaga sa kaniyang sariling bayan ang mag-aasawa. **15** At huag niyang dudumhan ang kaniyang binhi sa gitna ng kaniyang bayan; sapagka't ako ang PANGINOON na nagpapasanto sa kaniya.

**16** At sinalita ng PANGINOON kay Moises, na sinabing: **17** Iyong salitain kay Aaron, na sabihin mo sa kaniya: Sino man sa iyong binhi, sa buong panahon ng kaniyang lahi, na magkaroon ng ano mang kapintasan, huag lumapit na mag-handog ng pagkain ng kaniyang Dios. **18** Sapagka't sino mang magkaroon ng kapintasan ay huag lalapit: maging ang tawong bulag, o pilay, o magkaroon ng ilong na sarat o bagay na kalabihan, **19** o ang tawong magkaroon ng paang bali o kamay na bali, **20** o tawong kuba o unano, o magkaroon ng kapintasan sa kaniyang mata, o galasin, o langibin, o luslusin: **21** walang tawo sa binhi ni Aarong sacerdote, na magkaroon ng kapintasan, na lalapit upang magharap ng mga handog na pinaraan sa apoy sa PANGINOON: siya'y may kapintasan: siya'y hindi lalapit upang magharap ng pagkain ng kaniyang Dios. **22** Kaniyang kakainin ang pagkain ng kaniyang Dios, ang kasantosantohan na gaya ng santo. **23** Lamang na hindi siya papasok sa loob ng tabing, o lalapit man sa altar, (sapagka't may kapintasan siya;) upang huag niyang dumhan ang aking mga santuario: sapagka't ako ang PANGINOON na nagpapasanto sa kanila. **24** Gayon sinalita ni Moises kay Aaron at sa kaniyang mga anak, at sa lahat ng anak ng Israel.

**22** At nagsalita ang PANGINOON kay Moises, na sinabing: **2** Salitain mo kay Aaron at sa kaniyang mga anak

na sila'y magsihwalay sa mga santong bagay ng mga anak ng Israel, na kanilang iginagalang sa akin, at huag nilang dumhan ang aking santong pangalan: ako ang PANGINOON. **3** Sabihin mo sa kaniyang: Sino mang tawo sa lahat ng inyong binhi sa buong panahon ng inyong lahi, na lumapit sa mga santong bagay na iginagalang ng mga anak ng Israel sa PANGINOON, na may kaniyang karumihan, ang tawong yao'y ihibiwalay sa harap ko: Ako ang PANGINOON. **4** Sino mang tawo sa binhi ni Aaron na may ketong, o may agas; hindi kakain ng mga santong bagay hangang sa luminis. At ang humipo ng alin mang bagay na karumaldumal dahil sa patay, o tawong dilabasan ng kaniyang binhi; **5** o sino mang humipo ng ano mang umuusad na makapagpaparumi, o tawo na makakahawa dahil sa alin mang kahalayan niya; **6** ang tawong humipong gayon magiging karumaldumal hangang hapon, at hindi kakain ng mga santong bagay, maliban na malugasan niya ang kaniyang laman sa tubig. **7** At pagkalubog ng araw, siya'y magiging malinis; at pagkatapos, siya'y makakakain ng mga santong bagay, sapagka't siya niyang pagkain. **8** Yaong bagay na namatay sa kaniyang sarili, o nilapa ng mga ganid, hindi niya kakainin, makapagpapahawa sa kaniya: Ako ang PANGINOON. **9** Ingatan nga nila ang aking bilin, baka sila'y magkasala sa paraang iyan, at kanilang ikamatay, kung kanilang dumhan: Ako ang PANGINOON na nagpapasanto sa kanila. **10** Hindi kakain ang sino mang taga ibang bayan ng santong bagay: sino mang nakikipanuluyan sa sacerdote, o tagapag-araw niya ay hindi kakain ng santong bagay. **11** Ngunit kung ang sacerdote ay bumili ng sino mang tawo sa kaniyang salapi, ito'y makakakain; at gayon din ang *aliping* intanak sa kaniyang bahay kakain ng kaniyang tinapay. **12** At kung ang isang anak na babaye ng sacerdote ay pakasal sa isang taga ibang bayan, ay hindi makakakain sa handog na itinaas sa mga santong lagay. **13** Datapua't kung ang anak na babaye ng sacerdote ay bao o inihawalay, na walang anak at nagbalik sa bahay ng kaniyang ama, na gaya rin ng kaniyang pagkadala, sila'y makakakain ng pagkain ng kaniyang ama: ngunit ang sino mang taga ibang bayan ay hindi makakakain noon. **14** At kung ang sino mang tawo ay nagkamaling

kumain ng santong bagay, kaniyang daragdagan nga ng ikalimang bahagi yaon, at ibitugay niya sa sacerdote ang santong bagay. **15** At huag nilang dudunhan ang mga santong bagay ng mga anak ng Israel, na inihahandog sa PANGINOON; **16** at gayon papasanin ang kasam-an ng may dalang sala, pagka kanilang kinakain ang kanilang mga santong bagay: sapagka't ako ang PANGINOON na nagpapasanto sa kanila.

**17** At nagsalita ang PANGINOON kay Moises, na sinabing: **18** Salitain mo kay Aaron at sa kaniyang mga anak, at sa lahat ng anak ng Israel, at sabihin mo sa kanilang: Sino man sa bahay ng Israel, o sa mga taga ibang bayan sa Israel, na maghahandog ng kaniyang alay, maging panata nila, o maging kusang handog nila, na kanilang inihahandog sa PANGINOON na pinakahandog na susunugin; **19** upang kayo'y tangapin, ang inyong ihahandog ay lalaking hayop na walang kapintasan, sa mga baka, sa mga tupa, o sa mga kambing. **20** Datapua't alin mang may kapintasan, huag ninyong ihahandog; sapagka't hindi tatanggapin sa inyo. **21** At sino mang maghandog ng hayin na handog tungkol sa kapayapaan sa PANGINOON, sa pagtupad ng isang panata o sa kusang handog, sa bakahan o sa kawan ay kinakailangang sakdal, upang tangapin; ano mang kapintasan ay huag magkakaroon. **22** Bulag, o may bali, o may hiwa, o may sugat, o galisin, o malangih, huag ninyong ihahandog ang mga ito sa PANGINOON, o ihahandog man ang handog na pinaraan sa apoy na mga gayon sa ibabaw ng altar, sa PANGINOON. **23** Maging toro o tupa na may ano mang labis o kulang sa kaniyang sangkap ng katawan, ay maihahandog mo na handog na kusa, datapua't sa panata ay hindi tatanggapin. **24** Yaong nilulusuan, o napisa, o nabasag, o naputol ay huag ninyong ihahandog sa PANGINOON; at huag kayong gagawa man ng gayon sa inyong lupain. **25** At mula sa kamay man ng taga ibang lupa ay huag maghahandog kayo ng pagkain ng inyong Dios sa mga hayop na ito; sapagka't taglay nila ang kanilang kabulukan, may kapintasan sa kanila: hindi tatanggapin sa inyo.

**26** At sinalita ng PANGINOON kay Moises, na sinabing: **27** Pagka nanganak ang toro, o tupa, o kambing, ang anak nga ay mapapasa kaniyang inang pitong araw; at mula sa ikawalong araw hangang sa

haharapin ay tatangaping alay na handog na pinaraan sa apoy sa PANGINOON. **28** At maging baka o tupa ay huag ninyong papatayin siya at ang kaniyang anak sa isang araw. **29** At pagka kayo'y maghahandog ng haying pasalamat sa PANGINOON, inyong ihahayin upang kayo'y tangapin. **30** Sa araw ding yaon kakainin; huag kayong magtitira ng ano man niyaon hangang sa umaga: Ako ang PANGINOON. **31** Kaya't inyong ingatan ang aking mga utos, at inyong tuparin: Ako ang PANGINOON. **32** At huag ninyong dudunhan ang aking santong pangalan; kungdi ako'y sasambahin sa gitna ng mga anak ng Israel: Ako ang PANGINOON na nagpapasanto sa inyo, **33** na naglabas sa inyo sa lupain ng Egipto, upang ako'y maging inyong Dios: Ako ang PANGINOON.

**23** At sinalita ng PANGINOON kay Moises, na sinabing: **2** Salitain mo sa mga anak ng Israel at sabihin mo sa kanila: Ang mga takdang kapistahan sa PANGINOON, na inyong ihahayag na mga santong kapulungan, ang mga ito ay aking mga takdang kapistahan. **3** Anim na araw na gagawa: datapua't sa ikapito ay sabado na dakilang kapahingahan, siyang santong kapulungan; ano mang gagawin ay huag kayong gagawa: sabado sa PANGINOON sa lahat ng inyong tahanan.

**4** Ito ang mga takdang kapistahan sa PANGINOON, ang mga santong kapulungan na inyong itatanyag sa kanilang takdang panahon. **5** Sa unang buan, ng ikalabing apat na araw ng buan, sa paglubog ng araw, ay paskua sa PANGINOON. **6** At sa ikalabing limang araw ng buang yaon, ay kapistahan ng tinapay na walang levadura sa PANGINOON: pitong araw na kakain kayo ng tinapay na walang levadura. **7** Sa unang araw ay magkakaroon ng santong kapulungan; ano mang gagawing paglilingkod ay huag ninyong gagawin. **8** Datapua't maghahandog kayo ng handog na pinaraan sa apoy sa PANGINOON na pitong araw: sa ikapitong araw ay magkakaroon ng santong kapulungan; ano mang gagawing paglilingkod ay huag ninyong gagawin.

**9** At sinalita ng PANGINOON kay Moises na sinabing: **10** Salitain mo sa mga anak ng Israel, at sabihin mo sa kanilang: Pagka kayo'y nakapasok sa lupain na ibibigay ko sa inyo, at inyong nagapas na ang uhay noon, magdadala nga kayo ng bigkis na pinakapanungang bunga ng

inyong paggapas, sa sacerdote: **11** at aalugin niya ang bigkis sa harap ng PANGINOON, upang tangapin sa ganang inyo: sa kinabukasan pagkatapos ng sabado ay aalugin ng sacerdote. **12** At sa araw na inyong alugin ang bigkis, ay maglahandog kayo ng isang corderong lalaki ng unang taon, na walang kapintasan, na pinakahandog na susunugin sa PANGINOON. **13** At ang handog na harina noon ay dalawang ikasampuong bahagi ng isang efa ng mainam na harina na hinaluan ng langis, handog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy na may masarap na amoy: at ang pinakahandog na inumin noon ay alak, ang ikaapat na bahagi ng isang hin. **14** At hindi kayo kakain ng tinapay, o butil na sinangag, o uhay na bago, hangang sa araw na ito, hangang sa inyong madala ang alay sa inyong Dios: siyang palatuntunan magpakailan man sa boong panahon ng inyong lahi, sa labat ng inyong tahanan.

**15** At kayo'y bibilang ng pitong saalingong buo, mula sa araw na sinusundan ng sabado, mula sa araw na inyong dalhin ang bigkis na handog na inalag: **16** hangang sa kinabukasan ng sinusundan ng ikapitong sabado bibilang kayo ng limang puong araw; at maglahandog kayo ng handog na hariuang bago sa PANGINOON. **17** Sa inyong mga tahanan ay magdadala kayo ng dalawang tinapay na aalugin na may dalawang ikasampuong bahagi ng isang efa ng mainam na harina, at lalutuin na may levadura na pinakapangunang bunga sa PANGINOON. **18** At ibaharap ninyo ang tinapay na kalakip ng pitong cordero ng unang taon na walang kapintasan, at ng isang guyang toro at ng dalawang tupang lalaki; mga handog sa PANGINOON na susunugin, na kalakip ng kaniyang handog na harina, at ng kanilang mga handog na inumin, handog nga na pinaraan sa apoy na may masarap na amoy sa PANGINOON. **19** At maglahandog kayo ng isang lalaking kambing na pinakahandog dahil sa kasalanan, at ng dalawang corderong lalaki ng unang taon na hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan. **20** At mga aalugin ng sacerdote sampuo ng tinapay ng mga unang bunga, na pinakahandog na inalag sa harap ng PANGINOON, na kalakip ng dalawang cordero: ang mga tinapay ay magiging santo sa PANGINOON para sa sacerdote. **21** At inyong ibahayag sa araw ring ito; magiging santong kapu-

lungan nga yaon sa inyo: wala kayong gagawing ano mang gagawing paglilingkod: siyang palatuntunan sa lahat ng inyong tahanan, sa boong panahon ng inyong lahi.

**22** At pagka inyong aanilin ang ati sa inyong lupain, ay huag mong pakakaanihin ang mga sulok ng iyong bukid, o panghihimalayannan man ang iyong naanihan; sa dukha at sa taga ibang lupa iyong mga ititira: Ako ang PANGINOONG inyong Dios.

**23** At sinabita ng PANGINOON kay Moises, na sinabing: **24** Salitain mo sa mga anak ng Israel, na iyong sabihing: Sa ikapitong buan, sa unang araw ng buan, magkakaroon kayo ng dakilang kapahingahan, pinakaalaalang way ting ng mga pakakak, santong kapulungan nga. **25** Kayo'y huag gagawa ng ano mang gagawing paglilingkod: at kayo'y maglahandog ng handog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy.

**26** At nagsalita ang PANGINOON kay Moises, na sinabing: **27** Gayon may sa ikasampuong araw nitong ikapitong buan ay araw ng pagtubos: magiging santong kapulungan sa inyo, at pagdadalamhatiin ninyo ang inyong mga kalulua; at maglahandog kayo ng handog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy. **28** At huag kayong gagawa ng ano mang gagawin sa araw ding yaon: sapagka't araw ng pagtubos, upang itubos sa inyo sa harap ng PANGINOONG inyong Dios. **29** Sapagka't lahat ng tawo na hindi magdalahati sa araw ding yaon ay ilihiwalay sa kaniyang bayan. **30** At sino mang tawo na gumawa ng ano mang gagawin sa araw ding yaon ay papatayin ko ang tawong yaon sa kaniyang bayan. **31** Kayo nga'y huag gagawa ng ano mang gagawin: siyang palatuntunan magpakailan man sa boong panahon ng inyong lahi sa lahat ng inyong tahanan. **32** Magiging sabado na dakilang kapahingahan sa inyo, at inyong pagdadalamhatiin ang inyong kalulua: sa ikasiyam na araw ng buan sa hapon, mula sa pagkalubog ng araw hangang sa pagkalubog ng araw ay ipangilingin ninyo ang inyong sabado.

**33** At nagsalita ang PANGINOON kay Moises, na sinabing: **34** Inyong salitain sa mga anak ng Israel, na sabihing: Sa ikalabing limang araw ng ikapitong buan ito ay kapistahan ng mga balag na pitong araw sa PANGINOON. **35** Sa unang araw ay magkakaroon ng santong kapulungan: kayo'y huag gagawa ng ano

mang gagawing paglilingkod. **36** Pitong araw na maghahandog kayo sa PANGINOON ng handog na pinaraan sa apoy: sa ikawalong araw ay magkakaroon kayo ng santong kapulungan; at kayo'y maghahandog sa PANGINOON ng handog na pinaraan sa apoy: siyang pinakadakilang kapisanan; huag kayong gagawa ng ano mang gagawing paglilingkod.

**37** Ito ang mga takdang kapistahan sa PANGINOON, na inyong itatanyag na mga santong kapulungan, upang maghahandog sa PANGINOON ng handog na pinaraan sa apoy, handog na susunugin, at handog na harina, hayin, at mga handog na inumin, bawaf isa ay sa kaniyang sariling kaarawan: **38** bukod sa mga sabado ng PANGINOON, at bukod sa inyong mga kaloob, at bukod sa lahat ng inyong mga handog na kusa na inyong ibinibigay sa PANGINOON.

**39** Gayon ma'y sa ikalabing limang araw ng ikapitong buan, pagka inyo ng natipon ang bunga ng lupain, ay magdidiwang kayo sa PANGINOON ng kapistahang pitong araw: sa unang araw ay magkakaroon ng dakilang kapahingahan, at sa ikawalong araw ay magkakraoon ng dakilang kapahingahan. **40** At magdadala kayo sa unang araw ng bunga ng magagandang punong kahoy, ng mga sangá ng mga palma, at ng mga sangá ng mayayaboug na puno ng kahoy, at ng mga tambo ng batis; at kayo'y magpapakagalak sa harap ng PANGINOON inyong Dios, na pitong araw. **41** At inyong ipangingiling isang kapistahan sa PANGINOON na pitong araw sa bawaf taon: siyang palatuntunan magpakailan man sa inyong lahi: sa ikapitong buan ay ipagdidiwang inyo ang kapistahang ito. **42** Kayo'y tataan sa mga balag na pitong araw; yaong lahat na kalahi ng Israel ay tataan sa mga balag: **43** upang maalaman ng inyong lahi na sa mga balag pinatahan ko ang mga anak ng Israel ng aking ilabas sa lupain ng Egipto: ako ang PANGINOON inyong Dios. **44** At ipinakilala ni Moises sa mga anak ng Israel ang mga takdang kapistahan ng PANGINOON.

**24** At nagsalita ang PANGINOON kay Moises, na sinabing: **2** Iutos mo sa mga anak ng Israel na dalhan ka ng langis na taganas na oliwa, na hinalo, para sa ilawan, upang laging papagliyabin ang ilawan. **3** Sa labas ng tabing ng kabaa ng patotoo sa dampa ng kapisanan, ay mga aayusin ni Aaron, mula sa hapon

hangang sa umaga sa harap ng PANGINOON na palagi: siyang palatuntunan magpakailan man sa boong papahon ng inyong lahi. **4** Kaniyang aayusing lagi ang mga ilawan sa ibabaw ng kandelerong taganas na ginto sa harap ng PANGINOON.

**5** At kukuha ka ng mainam na harina, at magluluto ka noon ng labing dalawang mamon: tigdadalawang ikasampung bahagi ng isang efa ang bawaf mamon. **6** At ilalagay mong dalawang hanay, anim sa bawaf hanay, sa ibabaw ng dulong na taganas na ginto sa harap ng PANGINOON. **7** At maglalagay ka sa bawaf hanay ng taganas na oliwano, upang ito'y maging paalaala na tinapay, handog nga sa PANGINOON na pinaraan sa apoy. **8** Sa bawaf araw na sabado ay aayusin ang tinapay sa harap ng PANGINOON na palagi sa ganang mga anak ng Israel, na pinakatipang walang hangan. **9** At magiging kay Aaron at sa kaniyang mga anak; at kanilang kakanin sa santong lugar: sapagka't kasantosantohang bagay sa kaniya sa mga handog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy sa pamamagitan ng palatuntunang walang hangan.

**10** At ang anak na lalaki ng isang babayeng taga Israel, na ang ama'y taga Egipto, ay napasag gitna ng mga anak ng Israel; at nagtabag sa gitna ng kampaumento ang anak ng babayeng taga Israel at ang isang lalaking taga Israel; **11** at nilapastangan ng anak ng babayeng taga Israel ang Pangalan, at sumumpa: at siya'y kanilang dinala kay Moises. At ang pangalan ng kaniyang ina ay Selomit, na anak ni Debbi, sa angkan ni Dan. **12** At siya'y kanilang inilagay sa bilangguan hangang sa ang hatol ay saysayin sa kanila ng bibig ng PANGINOON.

**13** At nagsalita ang PANGINOON kay Moises, na sinabing: **14** Dalhin mo ang mapanumpa sa labas ng kampaumento; at ang lahat ng nakarinig sa kaniya ay ipatong ang kanilang mga kamay sa kaniyang ulo, at pagbatuhanan siya ng boong kapulungan. **15** At sasalitin mo sa mga anak ng Israel, na iyong sasabihin: Sino mang tawong mapanumpa sa kaniyang Dios ay magpapasan ng kaniyang kasalanan. **16** At ang lumapastangan sa PANGINOON ay papataying walang pagsala; walang pagsalang pagbatuhanan siya ng boong kapulungan: maging taga ibang

lupa o maging kalahi, pagka lumapas-tangan ng Pangalan ay papatayin. **17** At ang sumugat ng mabigat sa kanino mang tawo, ay papataying walang pag-ala; **18** at ang sumugat ng mabigat sa isang hayop ay magbabayad: hayop kung hayop. **19** At kung ang sino man ay makasugat sa kaniyang kapua; ayon sa ginawa ay gayon ang gagawin sa kaniya; **20** bugbog kung bugbog, mata kung mata, ngipin kung ngipin: ayon sa bagay na kaniyang isinugat sa tawo, gayon din naman ang gagawin sa kaniya. **21** At ang pumatay ng isang hayop ay magpapalit: at ang pumatay sa isang tawo ay papatayin. **22** Magkakaroon kayo ng isa lamang kautusan sa taga ibang bayan, na gaya sa inyong kalahi: sapagka't ako ang PANGINOONG inyong Dios. **23** At sinalita ni Moises sa mga anak ng Israel, at inilabas nila siya na nanumpa sa kampanento, at siya'y pinagbatuhanan ng mga bato. At ginawa ng mga anak ng Israel, ayon sa inutos ng PANGINOON kay Moises.

**25** At sinalita ng PANGINOON kay Moises sa bundok ng Sinai, na sinabing: **2** Saliitain mo sa mga anak ng Israel, at sabihin mo sa kanila: Pagpasok ninyo sa lupain na ibibigay ko sa inyo, ang lupain nga ay mangingilin ng sabado sa PANGINOON. **3** Anin na taong hahasikan mo ang iyong bukid, at anim na taong kakapunan mo ang iyong uvasan at titipunan mo ang bunga noon; **4** datapua't sa ikapitong taon ang lupa'y magkakaroon ng sabadong dakilang kapinghahang sabado sa PANGINOON: huag mong hahasikan ang iyong bukid, o kakapunan man ang iyong uvasan. **5** Yagong tumubo sa kaniyang sarili sa iyong inanihan ay huag mong anihin, at ang mga uvas ng iyong uvasan na hindi nakapon ay huag mong anihin: magiging taong dakilang kapinghahan para sa lupain. **6** At ang bunga sa sabado ng lupain ay magiging pagkain sa inyo; sa iyo, at sa iyong aliping lalaki at babaye, at sa iyong tagapag-araw, at sa taga ibang lupa na nangingibang-bayan sa iyo; **7** at sa iyong mga laka at sa mga hayop na nasa sa iyong lupain ay magiging pagkain ang lahat ng bunga noon.

**8** At bibilang ka ng pitong sanlingo ng taon, makapitong pitong taon; at magiging sa iyo'y mga araw ng pitong sabado ng mga taon, apat na puo't siam na taon.

**9** Kung magkagayo'y mag-utos ka na lumibot sa bayan ang pakakak na matunog sa ikasampungunong araw ng ikapitong buan; sa araw ng pagtubos susunugin ninyo ang pakakak sa boong lupain ninyo. **10** At ipangingilin ninyo ang ikalimang puong taon, at ibahayag ninyo sa boong lupain ang kalayaan sa lahat na tumatahan sa lupain: magiging kapistahan ng jubileo yaon sa inyo; at baw't isa sa inyo ay magsisipagbalik sa kaniyang pag-aari, at baw't isa'y magbabalik sa kaniyang kamag-anakan. **11** Magiging kapistahan ng jubileo nga sa inyo ang ikalimang puong taon: huag ninyong hahasikan o anihin man ang tumubo sa kaniyang sarili, o anihin man ang uvasang hindi nakapon. **12** Sapagka't kapistahan ng jubileo; magiging santo sa inyo: kakainin ninyo ang bunga noon sa bukid. **13** Sa taong ito ng jubileo, ay magbabalik baw't isa sa kaniyang pag-aari. **14** At kung ikaw ay magbili ng ano man sa iyong kapua o bumili ng ano man sa kamay ng iyong kapua, ay huag kayong magpahirapan: **15** ayon sa bilang ng taon pagkatapos ng jubileo, ay bibilhin mo sa iyong kapua, ayon sa bilang ng taon ng pag-aani, ay kaniyang ipagbibili sa iyo. **16** Ayon sa dami ng mga taon, ay daragdagan mo ang halaga noon, at ayon sa kaantian ng mga taon, ay babawasan mo ang halaga noon; sapagka't gayong bilang ng ani ang kaniyang ipagbibili sa iyo. **17** At huag nga kayong magpapahirapan; kungdi matakot kayo sa inyong Dios: sapagka't ako ang PANGINOONG inyong Dios. **18** Kaya't inyong tutuparin ang aking mga palatuntunan, at inyong iingatnang aking mga hatol at mga tuparin; at tataan kayong tiwasay sa lupain. **19** At ang lupa ay magbubunga, at kakain kayo hangang sa kabusugan, at tataan kayong tiwasay doon. **20** At kung sasabihin ninyong: Anong aming kakainin sa ikapitong taon? narito, hindi kami maghahasik o magtitipon man ng aming mga bunga. **21** Kung magkagayo'y aking ipadadala ang aking pagpapala sa inyo sa ikaanim na taon, at magbubunga ng sapat sa tatlong taon. **22** At maghahasik kayo sa ikawalong taon, at kakain kayo ng dating kinamalig na mga bunga hangang sa ikasiam na taon, hangang sa dumating ang pagbubunga ng ikawalo ay kakain kayo ng dating kinawalig. **23** At ang lupain ay hindi maipagbibili ng magpakailan man; sa-



pagka't akin ang lupain : sapagka't kayo'y taga ibang lupa at mangngibang-bayan na kasama ko. **24** At sa boong lupain ng inyong pag-aari ay magkakaloob kayo ng pagtubos sa lupain.

**25** Kung ang iyong kapatid ay maghirap, at ipagbili ang ano man sa kaniyang pag-aari, ay paroroon ang kaniyang kamag-anak na pinakamalapit sa kaniya, at tutubusin ang ipinagbili ng kaniyang kapatid. **26** At kung ang tawong yaon ay walang manunubos, at siya'y yumaman at makasumpung ng kasapatan upang matubos yaon; **27** kung magkagayo'y kaniyang bilangin ang mga taon pagkatapos na kaniyang naipagbili, at kaniyang isauli ang labis sa tawong kaniyang pinagbilhan; at magbabalik siya sa kaniyang pag-aari. **28** Nguni't kung siya'y walang kasapatan, upang maibalik niya sa kaniya, ang ipinagbili ay matitira nga sa kapangyarihan ng bumili hangang sa taon ng jubileo : at sa jubileo : ay maaalis sa kaniyang kapangyarihan, at ang may-ari ay babalik sa kaniyang pag-aari.

**29** At kung ang isang tawo ay magbili ng bahay na tahanan sa nakukutaang ciudad ay matutubos sa kaniya sa loob ng isang boong taon pagkatapos na maipagbili; sapagka't isang boong taon ang kaniyang matuid ng pagtubos. **30** At kung hindi matubos sa loob ng isang boong taon, ang bahay na nasa nakukutaang ciudad, ay lalagi magpakailan man, na pag-aari niyaong bumili, sa boong panahon ng kaniyang lahi : hindi maaalis sa kaniya sa jubileo. **31** Nguni't ang mga bahay sa mga nayon na walang kuta sa kaniyang palibot, ay aariing para ng sa mga bukirin sa lupain : kanilang matutubos; at sa jubileo ay magsisialis. **32** Gayon ma'y sa mga ciudad ng mga Levita, kailan ma'y maaaring matubos ng mga Levita ang mga bahay sa mga ciudad ng kanilang pag-aari. **33** At kung ang isa sa mga Levita ay tumubos, kung magkagayo'y ang bahay na ipinagbili at ang ciudad na kaniyang pag-aari, ay maaalis sa jubileo : sapagka't ang mga bahay sa mga ciudad ng mga Levita ay kanilang pag-aari sa gitna ng mga anak ng Israel. **34** Data-pua't ang mga bukid sa palibot ng mga ciudad nila, ay hindi maipagbibili, sapagka't pag-aari nila magpakailan man.

**35** At kung maghirap ang iyong kapatid at manlupaypay sa iyong siping, iyo siyang aalalayan nga na tatahang kasama mo, na parang taga ibang lupa at nangi-

ngibang-bayan. **36** Huag kang kukuha sa kaniya ng patubo o pakinabang; kung-di matakot ka sa iyong Dios, upang tumahang kasama mo ang iyong kapatid. **37** Ang iyong salapi ay huag mong ibibigay sa kaniya na may patubo, o ibibigay mo sa kaniya na may pakinabang ang iyong pagkain. **38** Ako ang PANGINOONG inyong Dios, na kinuha ko kayo sa lupain ng Egipto, upang ibigay ko sa inyo ang lupain ng Kanaan, at magiging inyong Dios.

**39** At kung ang iyong kapatid ay maghirap sa siping mo at pabili siya sa iyo; ay huag mo siyang papaglilingkuring parang alipin : **40** ipalalagay mo siyang parang magpapaupa at parang nangngibang-bayan; hangang sa taon ng jubileo ay maglilingkod siya sa iyo : **41** kung magkagayo'y aalis siya sa iyo, siya at ang kaniyang mga anak na kasama niya, at babalik sa kaniyang sariling kasambahay, at babalik sa pag-aari ng kaniyang mga magulang. **42** Sapagka't sila'y aking mga alipin, na aking mga inilabas sa lupain ng Egipto : sila'y hindi maipagbibiling parang mga alipin. **43** Huag kang papapanginoon sa kaniya na may kabagsikan, kungdi ikaw ay matatakot sa iyong Dios. **44** At tungkol sa iyong mga aliping lalaki at babaye na magkakaroon ka sa mga nasyon na nasa palibot ninyo, sa kanila'y makabibili kayo ng mga aliping lalaki at babaye. **45** Bukod dito sa mga anak ng mga taga ibang lupa na nangngibang-bayan sa inyo, sa mga ito'y makabibili kayo, at sa kanilang mga kasambahay na nasa inyo, na mga ipinanganak nila sa inyong lupain : at mga magiging inyong pag-aari. **46** At inyong iiwang pinakapamana sa inyong mga anak pagkamatay ninyo, na parang pag-aaring mamanahin; sa mga yaon kukuha kayo ng inyong mga aliping magpakailan man : nguni't sa inyong mga kapatid na mga anak ng Israel ay huag kayong magpapanginoon na may kabagsikan.

**47** At kung ang taga ibang lupa o ang nangngibang-bayan na kasama mo ay yumaman, at ang iyong kapatid ay maghirap sa siping niya, at pabili sa taga ibang bayan o nangngibang-bayan sa iyo o sa sino mang kasambahay ng taga ibang lupa : **48** pagkatapos na siya'y mabili ay kaniyang matutubos : isa sa kaniyang mga kapatid ay makatutubos sa kaniya : **49** o ang kaniyang amain o ang anak ng kaniyang amain ay makatutubos sa kaniya ; o

sino mang kamag-anak na malapit niya sa kaniyang angkan ay makatutubos sa kaniya; o kung yumaman siya ay makatutubos siya sa kaniyang sarili. **50** At kaniyang bibilangan yaong bumili sa kaniya, mula sa taong bilhin siya hangang sa taon ng jubileo: at ang halaga ng pagkabili sa kaniya ay magiging ayon sa bilang ng mga taon; at gagawin sa kaniya ay ayon sa panahon ng isang magpapaura. **51** Kung maraming taon pa ang *kubang niya*, ayon sa dami nila, ay isasauli ang halaga ng kaniyang pagkatubos sa kaniya ng *salaping* sa kaniya'y ibinili. **52** At kung kaonti ang mga taong nagkukulang hangang sa taon ng jubileo ay ibibilang sa kaniya; ayon sa kaniyang mga taon na *nagkukulang* ay isasauli ang halaga ng kaniyang katubusan. **53** Na parang alalang may bayad sa taon-taon, ay gayon matitira sa kaniya: siya'y huag papanginon sa kaniya na may kabagsikan sa iyong paningin. **54** At kung hindi siya tubusin sa mga *paraang* ito, kung magkagayo'y aalis siya sa taon ng jubileo, siya at ang kaniyang mga anak na kasama niya. **55** Sapagka't sa akin ang mga anak ng Israel ay mga alipin; sila'y aking mga alipin na aking mga inilabas sa lupain ng Egipto: Ako ang PANGINOONG inyong Dios.

**26** Huag kayong gaguwa sa inyo ng mga idolo, o magtatayo man kayo ng larawang hinichurahan, o haligi, o kayo'y maglalagay man ng batong hinichurahan sa inyong lupain, upang inyong yukuran yaon: sapagka't ako ang PANGINOONG inyong Dios. **2** Inyong ipangilin ang aking mga sabado at inyong igagalang ang aking santuario: Ako ang PANGINOON.

**3** Kung lalakad kayo *ng ayon* sa aking mga palatuntunan at iingatn ninyo ang aking mga utos, at mga gawin: **4** kung magkagayo'y magpapaulan ako sa kapantunan, at ang lupain ay pakikina-bangan, at ang mga kahoy sa parang ay magbubunga. **5** At ang inyong paggiik ay aabot hangang sa pag-aani ng mga uvas, at ang pag-aari ng uvas ay aabot sa pagbahasik: at kakanin ninyo ang inyong pagkain na sagana, at tataan kayong tiwasay sa inyong lupain. **6** At magbibigay ako ng kapayapaan sa lupain, at mahihiga kayo, at wala sino mang tatakot sa inyo: at aking papawiin sa lupain ang mababangis na hayop, o dadaan man ang inyong lupain ng tabak. **7** At bahabulin

ninyo ang inyong mga kaaway, at mangabubual sa harap ninyo sa tabak. **8** At lina sa inyo'y bahabol sa isang daan, at isang daan sa inyo'y lalabol sa sampung libo: at ang inyong mga kaaway ay mangabubual sa tabak sa harap ninyo. **9** At liliingunin ko kayo, at palalaguin ko kayo, at pararamihin ko kayo; at papagtitibayin ko ang aking tipan sa inyo. **10** At kakainin ninyo ang malaong kinamalg, at inyong ilalabas ang luma dahil sa bago. **11** At ilalagay ko ang aking tabernakulo sa gitna ninyo: at hindi kayo kapopootan ng aking kaluha. **12** At lalakad ako sa gitna ninyo at ako'y magiging inyong Dios, at kayo'y magiging aking bayan. **13** Ako ang PANGINOONG inyong Dios, na naglabas sa inyo sa lupain ng Egipto, upang huag kayong maging mga alipin nila; at sinira ko ang kahoy ng inyong panatok, at pinalakad ko kayo ng *may ulong* matuid.

**14** Ngunit kung hindi ninyo pakikingan ako, at hindi ninyo tutuparin ang lahat ng mga utos na ito; **15** at kung inyong tatanginan ang aking mga palatuntunan, at kasusuklamang inyong kaluha ang aking mga batol, na ano pat hindi ninyo tutuparin ang lahat ng aking mga utos, kungli inyong sisirain ang aking tipan; **16** gagawin ko naman ito sa inyo; dadalhin ko sa inyo ang sindak, at pagkatuyo, at ang iagnat na tubos sa mga mata, at papang-lulupaypayin ang kaluha: at maghahasik kayo ng inyong binhi na walang kabuluhan, sapagka't kakanin ng inyong mga kaaway. **17** At ititig ko ang aking mukha laban sa inyo, at kayo'y masusugatan sa harap ng inyong mga kaaway: kayo'y pagpupunaan ng mga napopoot sa inyo; at kayo'y tatakas ng walang sino mang humahabol sa inyo. **18** At kung sa mga bagay na ito man ay hindi ninyo ako pakingan, ay parurusahan ko kayong makapito pa, dahil sa inyong mga kasalanan. **19** At gigibain ko ang kahambugan ng inyong kapangyarihan; at gagawin kong parang bakal ang inyong laagit at parang tanso ang inyong lupa: **20** at gugugulin ninyo ang inyong kalakasan ng walang kabuluhan; sapagka't hindi ibibigay sa inyo ng inyong lupain ang kaniyang bunga, o ng kahoy sa paraang man ang kaniyang bunga. **21** At kung kayo'y lalakad na may pagsalalangang sa akin, at hindi ninyo ako didingin; ay dadalhan ko kayo ng makapito ang higit

ng salot ayon sa inyong mga kasalanan.

**22** At susuguin ko sa inyo ang mababangis sa parang, na samsaman kayo ng inyong mga anak, at papatayin ang inyong mga hayop, at kayo'y pakakaontiin sa bilang; at gagawing giba ang inyong mga daan. **23** At kung sa mga bagay mangit ay hindi kayo magbugo sa akin, kungdi sasalangsang kayo sa akin; **24** kung magkagayo'y lalakad din naman ako ng laban sa inyo, at susugatan ko kayo, at makapito dahil sa inyong mga kasalanan. **25** At dadalhin ko sa inyo ang tabak na gaganti ng sa tipan; at kayo'y magtitipon sa loob ng inyong mga ciudad: at susuguin ko ang salot sa gitna ninyo; at kayo'y mabibigay sa kamay ng kaaway. **26** Pagka nagiba ko ang tungkod ninyo ng tinapay, sampuonng babaye ay magluluto ng inyong tinapay sa isa lamang hurno, at sa inyo'y isasauli sa timbang ang inyong tinapay: at kayo'y kakain at hindi kayo mangabubusog.

**27** At kung sa ganito pa man ay hindi ninyo ako pakingan; kungdi kayo'y lalakad na pasalangsang sa akin; **28** kung magkagayo'y lalakad akong laban sa inyo na may pagniningas ng loob; at parurusahan ko rin naman kayong makapito dahil sa inyong mga kasalanan. **29** At kakanin ninyo ang laman ng inyong mga anak na lalaki, at ang nga laman ng inyong mga anak na babaye ay inyong kakanin. **30** At sisirain ko ang inyong matataas na lugar, at aking wawasakin ang inyong mga larawang araw, at itatapon ko ang inyong mga bangkay sa mga bangkay ng inyong mga idolo; at kapopootan kayo ng aking kalulua. **31** At gagawin kong giba ang inyong mga ciudad at papag-iisahin ko ang inyong mga santuario, at hindi ko na kalulugdan ang amoy ng inyong mga may amoy na masarap. **32** At dadalhin ko ang lupain sa kagibaan: at pagtatakan ng inyong mga kaaway na tumatahan doon. **33** At kayo'y aking pangangalatin sa mga nasyon, at bubunot ako ng tabak sa hulihan ninyo: at ang inyong lupain ay magiging isang kagibaan, at ang inyong mga ciudad ay magiging isang ilang. **34** Kung magkagayo'y magagalak ang lupain sa kaniyang mga sabado, habang nahahandusay na giba, at kayo'y mapapasa lupain ng inyong mga kaaway; kung magkagayo'y ang lupain ay magpapahinga, at magagalak sa kaniyang mga sabado. **35** Habang nahahandusay na giba ay magpapa-

hinga; ang hindi ipinagpahinga sa inyong mga sabado ng kayo'y magsitahan doon. **36** At tungkol sa mga matitira sa inyo, susuguan ko ng takot sa kanilang puso, sa mga lupain ng kanilang mga kaaway: at hahabulin sila ng kalatis ng isang dahong nalalaglag; at sila'y tatakas na parang tumatakas sa tabak; at sila'y mabubual ng walang sa kanila'y humababol. **37** At magkakatisurang isa't isa na parang nasa harap ng tabak kahi't walang humababol: at hindi kayo makatayo sa harap ng inyong mga kaaway. **38** At mamamatay kayo sa gitna ng mga nasyon, at uubusin kayo sa lupain ng inyong mga kaaway. **39** At ang mga matitira sa inyo ay magsisipang-lupaypay sa kanilang kasam-an sa mga lupain ng inyong mga kaaway; at sa mga kasam-an naman ng kanilang mga magulang ay magsisipang-lupaypay na kasama nila. **40** At kanilang isasaysay ang kanilang kasam-an, at ang kasam-an ng kanilang mga magulang, at ang kanilang pagsalangsang na isinalangsang laban sa akin, at sapagka't sila'y lumakad naman na laban sa akin, **41** Ako naman ay lumakad ng laban sa kanila, at sila'y aking dinala sa lupain ng kanilang mga kaaway: kung magpapakababanga ang kanilang mga pusong hindi tuli, at kanilang tatanggapin ang parusa sa kanilang kasam-an. **42** Kung magkagayo'y aalalahanin ko ang aking tipan kay Jakob; at ang akin namang tipan kay Isaak, at gayon din ang aking tipan kay Abraham ay aking aalalahanin; at aking aalalahanin ang lupain. **43** Ang lupain naman ay pababayaan nila, at magagalak sa kanilang mga sabado, samantalang nahahandusay na giba na wala sila; at kanilang tatanggapin ang kaparusahan ng kanilang kasam-an: sa paraang kanilang tinangihan ang aking mga hatol, at kinapootan ng kanilang kalulua ang aking mga palatuntunan. **44** At sa lahat mang ito, pagka sila'y nasa lupain ng kanilang mga kaaway ay hindi ko sila itatakuil, o kapopootan ko man sila upang sila'y aking lubos na lipulin, at aking sirain ang aking tipan sa kanila; sapagka't ako ang PANGKOONG kanilang Dios: **45** kungdi aalalahanin ko sa ikagagaling nila ang tipan ng kanilang mga magulang, na aking mga inilabas sa lupain ng Egipto, sa paningin ng mga nasyon, upang ako'y maging kanilang Dios: Ako ang PANGINOON.

**46** Ito ang mga palatuntunan at ang mga hatol at ang mga kautusang ginawa ng PANGINOON sa kaniyang sarili at sa

mga anak ng Israel sa bundok ng Sinai sa pamamag-itan ni Moises.

**27** At nagsalita ang PANGINOON kay Moises, na nagsabing: **2** Salitain mo sa mga anak ng Israel, at sabihin mo sa kanilang: Pagka ang sino man ayutupad ng panata ayon sa iyong inihalaga, ang mga pagkatawo ay magiging sa PANGINOON. **3** At ang iyong paghalaga ay tungkol sa lalaki, mula sa may dalawang puong taong gulang hangang sa may anim na puo, ang iyong ihahalaga'y limang puong siklong pilak, ayon sa siklo ng santuario. **4** At kung tungkol sa babaye, ang ihahalaga mo'y tatlong puong siklo. **5** At kung mula sa may limang taon hangang sa may dalawang puong taon, ang ihahalaga mo sa lalaki ay dalawang puong siklo, at sa babaye ay sampuonng siklo. **6** At kung mula sa may isang buan hangang sa may limang taon, ang iyong ihahalaga sa lalaki ay limang siklong pilak, at sa babaye ang iyong ihahalaga ay tatlong siklong pilak. **7** At kung sa may anim na puong taon na pagulang; kung lalaki, ang iyong ihahalaga ay labing limang siklo at sa babaye ay sampuonng siklo. **8** Ngunit kung totoong dukha upang magbayad ng iyong inihalaga, pahaharapin siya sa harap ng sacerdote, at hahalagahan siya ng sacerdote; ayon sa ikakakaya ng may panata, siyang ihahalaga sa kaniya ng sacerdote.

**9** At kung hayop na ibahandog na alay sa PANGINOON, lahat na ibibigay ng sino man sa PANGINOON magiging santo. **10** Hindi niya babaguhin o papalitan ang mabuti ng masama, o ang masama ng mabuti: at kung sa ano mang paraan ay palitan ang isang hayop ng iba, kung magkagayo'y yaon at ang kapalit noon ay magiging kapua santo. **11** At kung yao'y ano may hayop na karumaldumal na sa hindi maihahandog na alay sa PANGINOON, ilalagay nga niya ang hayop sa harap ng sacerdote: **12** at hahalagahan ng sacerdote, maging mabuti o masama: ayon sa inihalaga ng sacerdote ay magiging gayon. **13** Datapua't kung tunay na kaniyang tutubusin, magdadagdag nga siya ng ikalimang bahagi noon sa inihalaga mo.

**14** At pagka ang sino man ay magtatalaga ng kaniyang bahay upang maging santo sa PANGINOON, hahalagahan nga ng sacerdote, maging mabuti o masama:

ayon sa ihahalaga ng sacerdote ay magiging gayon. **15** At kung ang nagtatalaga ay tutubos ng kaniyang bahay, magdadagdag nga ng ikalimang bahagi ng salapi na inihalaga mo doon, at magiging kaniya.

**16** At kung ang sino man ay magtatalaga sa PANGINOON ng bahagi ng bukid ng kaniyang pag-aari, ang inyong ihahalaga nga ay ayon sa hasik doon: ang hasik na isang homer na cebada ay hahalagahan ng limang puong siklong pilak.

**17** Kung itatalaga niya ang kaniyang bukid mula sa taon ng jubileo, magiging ayon sa inyong inihalaga. **18** Datapua't kung itatalaga niya ang kaniyang bukid pagkatapos ng jubileo, kung magkagayo'y bibilangan sa kaniya ng salapi ng sacerdote ayon sa mga taong natitira hangang sa taon ng jubileo, at bababaan ang inyong inihalaga. **19** At kung ang nagtatalaga ng bukid ay tumubos noon, magdadagdag ng ikalimang bahagi ng salaping iyong inihalaga doon, at mapapasa kaniya. **20** At kung hindi tutubusin ang bukid, o kung maipagbili ang bukid sa ibang tawo, hindi na niya matutubos:

**21** kungdi ang bukid pagka maalis sa jubileo, ay magiging santo sa PANGINOON, na parang bukid na itatalaga; ang kapangyarihan doon ay mapapasa sacerdote.

**22** At kung ang sino man ay magtatalaga sa PANGINOON ng bukid na binili, na hindi sa bukid ng kaniyang pag-aari; **23** kung magkagayo'y bibilangan siya ng sacerdote ng halaga ng iyong inihalaga hangang sa taon ng jubileo, at abayaran niya ang iyong inihalaga ng araw ding iyan, na parang santong bagay sa PANGINOON. **24** Sa taon ng jubileo ay mababalik ang bukid doon sa kaniyang binilhan, doon sa kinararapatan ng pag-aari ng lupa. **25** At boong iyong ihahalaga ay magiging ayon sa siklo ng santuario: dalawang puong gera ang isang siklo.

**26** Ang pangnanay lamang sa mga hayop na sa pagkapananay sa PANGINOON, sino ma'y hindi makapagtatalaga; maging baka o tupa, yao'y ukol sa PANGINOON. **27** At kung hayop na karumaldumal, kaniyang tutubusin nga yaon sa iyong inihalaga, at idadagdag ang ikalimang bahagi noon: o kung hindi tutubusin ay ipagbili ayon sa iyong inihalaga.

**28** Gayon, ma'y walang bagay na itatalaga, na itatalaga nino man sa PANGINOON, sa labat ng sariling kaniya, maging sa tawo o sa hayop, o sa bukid na kani-

yang pag-aari, ay hindi maipagbibili o matutubos; lahat ng bagay na itinalaga ay kasantosantohan sa PANGINOON. 29 Walang itinalaga, na itatalaga ng mga tawo na matutubos; papataying walang pag-sala.

30 At lahat ng ikasampung bahagi ng lupain, maging sa binhi ng lupain, o sa bunga ng puno ng kahoy ay sa PANGINOON: santo sa PANGINOON. 31 At kung ang sino man ay tutubos ng alin mang bahagi ng kaniyang ikasampung bahagi,

ay idagdag niya doon ang ikalimang bahagi noon. 32 At lahat ng ikasampung bahagi sa bakahan o sa kawan, lahat ng madaan sa panukat, ang ikasampung bahagi ay magiging santo sa PANGINOON. 33 Hindi titingnan kung ma-buti o masama, o ipagpapalit man: at kung sa ano mang paraan ay ipagpalit, kapua magiging santo; hindi matutubos.

34 Ito ang mga utos na iniutos ng PANGINOON kay Moises para sa mga anak ng Israel, sa bundok ng Sinai.

## ANG LIBRO TUNGKOL

# SA MĀA BILANG.

1 At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises sa ilang ng Sinai, sa dampa ng kapisanan, ng unang araw ng ikalawang buan, sa ikalawang taon, pagkatapos na makaalis sila sa lupain ng Egipto, na sinabing: 2 Bilangin ninyo ang boong kapulungan ng mga anak ng Israel, ayon sa kanilang kamag-anakan, ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, ayon sa bilang ng mga pangalan, bawa't lalaki ayon sa bilang ng kanilang mga ulo; 3 mula sa dalawang puong taong gulang hangang sa katandatandaan, lahat ng makalalabas sa pakikipagbaka sa Israel, bibilangin mo at ni Aaron sila ayon sa kanilang mga hukbo. 4 At magkakaroon sa inyo ng isang lalaki ng bawa't angkan; bawa't isa'y pangulo sa bahay ng kaniyang mga magulang. 5 At ito ang mga pangalan ng mga lalaki na makakasama ninyo: sa Ruben: si Elizur na anak ni Sedeur. 6 Sa Simeon; si Selumiel na anak ni Zurisadai. 7 Sa Juda; si Naason na anak ni Aminadab. 8 Sa Isakar; si Natanael na anak ni Zuar. 9 Sa Zabulon; si Eliab na anak ni Helon. 10 Sa mga anak ni Jose: sa Efraim, si Elisama na anak ni Aminud: sa Manases si Gama-liel na anak ni Pedazur. 11 Sa Benjamin; si Abidan na anak ni Gedeoni. 12 Sa Dan, si Ahiezer na anak ni Amisadai. 13 Sa Aser, si Pagiel na anak ni Ocran. 14 Sa Gad, si Eliasaf na anak ni Dewel. 15 Sa Neftali; si Ahira na anak ni Enan. 16 Ito ang mga nahalal sa kapulungan, na mga pangulo sa mga

angkan ng kanilang mga magulang; sila ang mga pangulo ng libolibong taga Israel. 17 At dinala ni Moises at ni Aaron ang mga lalaking ito na nasaysay sa pamamag-itan ng pangalan: 18 at kanilang pinisan ang boong kapulungan ng unang araw ng ikalawang buan, at sila'y nangasulat sa lipi ayon sa kanilang kamag-anakan, ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, ayon sa bilang ng mga pangalan, mula sa dalawang puong taong gulang hangang sa katandatandaan, sa pamamag-itan ng kanilang mga ulo. 19 Kung paano iniutos ng PANGINOON kay Moises, gayon mga binilang niya sa ilang ng Sinai.

20 At ang mga anak ni Ruben na pangnanay ni Israel, ang kanilang mga lahi ayong sa kanilang kamag-anakan, ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, ayon sa bilang ng mga pangalan, sa pamamag-itan ng kanilang mga ulo, bawa't lalaki mula sa dalawang puong taong gulang hangang sa katandatandaan, lahat ng makalalabas sa pakikipagbaka; 21 yaong mga nabilang sa kanila, sa angkan ni Ruben, ay apat na puo't anim na libo at limang daan.

22 Sa mga anak ni Simeon ang kanilang mga lahi, ayon sa kanilang mga kamag-anakan, ayon sa kanilang mga bahay ng mga magulang, ayon sa mga nabilang sa kanila, ayon sa bilang ng mga pangalan, sa pamamag-itan ng kanilang mga ulo, lahat ng lalaki mula sa dalawang puong taon gulang hangang sa

katandatandaan, lahat ng makalalabas sa pakikipagbaka; 23 yaong mga nabilang sa kanila sa angkan ni Simeon, ay limang puo't siam na libo at tatlong daan.

24 Sa mga anak ni Gad, ang kanilang mga lahi, ayon sa kanilang kamag-anakan, ayon sa bahay ng kanilang mga magulang, ayon sa bilang ng mga pangalan, mula sa dalawang puong taong gulang hangang sa katandatandaan, lahat ng makalalabas sa pakikipagbaka; 25 yaong mga nabilang sa kanila, sa angkan ni Gad, ay apat na puo't limang libo at anim na raan at limang puo.

26 Sa mga anak ni Juda, ang kanilang mga lahi, ayon sa kanilang mga kamag-anakan, ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, ayon sa bilang ng mga pangalan, mula sa dalawang puong taong gulang hangang sa katandatandaan, lahat ng makalalabas sa pakikipagbaka; 27 ang mga nabilang sa kanila, sa angkan ni Juda, ay pitong puo't apat na libo at anim na raan.

28 Sa mga anak ni Isakar, ang kanilang mga lahi, ayon sa kanilang mga kamag-anakan, ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, ayon sa bilang ng mga pangalan, mula sa dalawang puong taong gulang hangang sa katandatandaan, lahat ng makalalabas sa pakikipagbaka; 29 yaong mga nabilang sa kanila, sa angkan ni Isakar ay limang puo't apat na libo at apat na raan.

30 Sa mga anak ni Zabulon, ang kanilang mga lahi, ayon sa kanilang mga kamag-anakan, ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, ayon sa bilang ng mga pangalan, mula sa dalawang puong taong gulang hangang sa katandatandaan, lahat ng makalalabas sa pakikipagbaka; 31 yaong mga nabilang sa kanila, sa angkan ni Zabulon, ay limang puo't pitong libo at apat na raan.

32 Sa mga anak ni Jose, sa mga anak ni Efraim, ang kanilang mga lahi, ayon sa kanilang mga kamag-anakan, ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, ayon sa bilang ng mga pangalan, mula sa dalawang puong taong gulang hangang sa katandatandaan, lahat ng makalalabas sa pakikipagbaka; 33 yaong mga nabilang sa kanila, sa angkan ni Efraim, ay apat na puong libo at limang daan.

34 Sa mga anak ni Manases, ang kanilang mga lahi, ayon sa kanilang mga kamag-anakan, ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, ayon sa bilang

ng mga pangalan, mula sa dalawang puong taong gulang hangang sa katandatandaan, lahat ng makalalabas sa pakikipagbaka; 35 yaong mga nabilang sa kanila sa angkan ni Manases, ay tatlong puo't dalawang libo at dalawang daan.

36 Sa mga anak ni Benjamin, ang kanilang mga lahi, ayon sa kanilang mga kamag-anakan, ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, ayon sa bilang ng mga pangalan, mula sa dalawang puong taong gulang hangang sa katandatandaan, lahat ng makalalabas sa pakikipagbaka; 37 yaong mga nabilang sa kanila, sa angkan ni Benjamin ay tatlong puo't limang libo at apat na raan.

38 Sa mga anak ni Dan, ang kanilang mga lahi, ayon sa kanilang mga kamag-anakan, ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, ayon sa bilang ng mga pangalan, mula sa dalawang puong taong gulang hangang sa katandatandaan, lahat ng makalalabas sa pakikipagbaka; 39 yaong mga nabilang sa kanila, sa angkan ni Dan ay anim na puo't dalawang libo at pitong daan.

40 Sa mga anak ni Aser, ang kanilang mga lahi, ayon sa kanilang mga kamag-anakan, ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, ayon sa bilang ng mga pangalan mula sa dalawang puong taong gulang hangang sa katandatandaan, lahat ng makalalabas sa pakikipagbaka; 41 yaong mga nabilang sa kanila, sa angkan ni Aser, ay apat na puo't isang libo at limang daan.

42 Sa mga anak ni Neftali, ang kanilang mga lahi, ayon sa kanilang mga kamag-anakan, ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, ayon sa bilang ng mga pangalan, mula sa dalawang puong taong gulang hangang sa katandatandaan, lahat ng makalalabas sa pakikipagbaka; 43 yaong mga nabilang sa kanila, sa angkan ni Neftali, ay limang puo't tatlong libo at apat na raan.

44 Ito ang mga nabilang na binilang ni Moises at ni Aaron, at ng labing dalawang lalaki na mga pangulo sa Israel: baw't isa sa kanila'y pangulo sa bahay ng kaniyang mga magulang. 45 Kaya't lahat ng mga nabilang sa mga anak ng Israel, ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang mula sa dalawang puong taong gulang hangang sa katandatandaan, lahat ng sa Israel ay makalalabas sa pakikipagbaka; 46 lahat ng nabilang ay

anim na raan at tatlong libo at limang daan at limang puo.

47 Datapua't ang mga Levita ayon sa angkan ng kanilang mga magulang ay hindi nabilang sa kanila. 48 Sapagka't ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na sinabing: 49 Ang angkan lamang ni Levi ang hindi mo bibilangin, at di mo aayusin ang bilang nila sa mga anak ng Israel: 50 kungdi ipamamahala mo sa mga Levita ang tabernakulo ng patotoo, at ang lahat ng kasangkapan noon, at ang lahat ng naukol doon: kanilang dadalhin ang tabernakulo, at ang lahat ng kasangkapan; at kanilang pamamahalaan at sila'y tataan sa palibot ng tabernakulo. 51 At pagka ang tabernakulo ay ililipat ay pagtatangalangin ng mga Levita: at pagka iitirik ang tabernakulo ay pag-ugnay-ugnayin ng mga Levita: at ang taga ibang bayan na lumipat ay papatayin. 52 At ang mga anak ng Israel ay magtatayo ng kanilang mga dampa, baw't lalaki ay sa kaniyang sariling kamento, at baw't lalaki ay sa siping ng kaniyang sariling bandila, ayon sa kanilang mga hukbo. 53 Datapua't ang mga Levita ay magsisitayo sa palibot ng tabernakulo ng patotoo, upang huag magkaroon ng pagkakaalit laban sa kapulungan ng mga anak ng Israel: at ang mga Levita ay mamahala ng tabernakulo ng patotoo. 54 Gayon ginawa ng mga anak ng Israel; ayon sa lahat na iniutos ng PANGINOON kay Moises, gayon ginawa nila.

2 At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises at kay Aaron, na nagsabing: 2 Ang mga anak ng Israel ay magsisitayo baw't lalaki sa siping ng kaniyang sariling bandila, na may tanda ng mga bahay ng kanilang mga magulang: sa tapat ng dampa ng kapisanan ay magtatayo sila sa palibot. 3 At yaong magtatayo sa bandang silanganan, sa dakong sinisikatan ng araw, ay ang mga sa bandila ng kamento ng Juda ayon sa kanilang mga hukbo: at ang pangulo sa mga anak ng Juda ay si Naason na anak ni Aminadab. 4 At ang kaniyang hukbo, at yaong mga nabilang sa kanila ay pitong puo't apat na libo at anim na raan. 5 At yaong magsisitayo sa siping niya ay ang angkan ni Isakar: at ang magiging pangulo sa mga anak ng Isakar ay si Natanael na anak ni Zuar: 6 at ang kaniyang hukbo, at ang mga nabilang dito ay limang puo't apat na libo at apat na raan: 7 at ang angkan ni Zabulon: at ang magiging pangulo sa

mga anak ng Zabulon, ay si Eliab na anak ni Elon: 8 at ang kaniyang hukbo, at yaong mga nabilang dito, ay limang puo't pitong libo at apat na raan. 9 Lahat ng nabilang sa kamento ng Juda ay isang daan at walong puo't anim na libo at apat na raan, ayon sa kanilang mga hukbo. Sila ang unang magsisibunot.

10 Sa dakong timagan, ay malalagay ang bandila ng kamento ng Ruben ayon sa kanilang mga hukbo: at ang magiging pangulo sa mga anak ng Ruben, ay si Elizur na anak ni Sedeur. 11 At ang kaniyang hukbo at ang mga nabilang dito, ay apat na puo't anim na libo at limang daan. 12 At yaong magtatayo sa siping niya ay ang angkan ni Simeon: at ang pangulo sa mga anak ng Simeon ay si Selumiel na anak ni Zurisadai: 13 at ang kaniyang hukbo at yaong mga nabilang sa mga yaon, ay limang puo't siam na libo, at tatlong daan: 14 at ang angkan ni Gad: at ang pangulo sa mga anak ni Gad ay magiging si Eliasaf na anak ni Rewel: 15 at ang kaniyang hukbo, at yaong mga nabilang sa mga yaon, ay apat na puo't limang libo at amin na raan at limang puo. 16 Lahat ng nabilang sa kamento ng Ruben ay isang daan at limang puo't isang libo at apat na raan at limang puo, ayon sa kanilang mga hukbo. At sila ang pangalawang magsisibunot.

17 Kung magkagayon, ang dampa ng kapisanan ay bubunot na kaakbay ng kamento ng mga Levita sa gitna ng mga kamento: ayon sa kanilang pagtatayo, gayon sila magsisibunot, baw't lalaki ay sa kaniyang sariling lugar, sa siping ng kanilang mga bandila.

18 Sa dakong kalunuran ay malalagay ang bandila ng kamento ng Efraim, ayon sa kanilang mga hukbo: at ang magiging pangulo sa mga anak ni Efraim ay si Elisama na anak ni Amiud. 19 At ang kaniyang hukbo, ang mga nabilang sa mga yaon ay apat na puong libo at limang daan. 20 At sa siping niya ay malalagay ang angkan ni Manases: at ang magiging pangulo sa mga anak ni Manases ay si Gamaliel na anak ni Pedazur: 21 at ang kaniyang hukbo, at yaong mga nabilang sa mga yaon ay tatlong puo't dalawang libo at dalawang daan: 22 at ang angkan ni Benjamin: at ang magiging pangulo sa mga anak ni Benjamin, ay si Abidan na anak ni Gedeoni: 23 at ang kaniyang hukbo,

at yaong lahat na nabilang sa mga yaon, ay tatlong puo't limang libo at apat na raan. **24** Yaong lahat na nabilang sa kampoamento ng Efraim ay isang daan at walong libo at isang daan, ayon sa kanilang mga hukbo. At sila ang pangatlong magsisibunot.

**25** Sa dakong lilaguan ay malalagay ang baudila ng kampoamento ng Dan ayon sa kanilang mga hukbo: at ang magiging pangulo sa mga anak ni Dan, ay si Ahiezer na anak ni Amisadai. **26** At ang kaniyang hukbo, at yaong mga nabilang sa mga yaon ay anim na puo't dalawang libo at pitong daan. **27** At yaong mga magtatayo sa siping niya ay ang angkakan ni Aser: at ang magiging pangulo sa mga anak ni Aser ay si Pagiel na anak ni Ocran: **28** at ang kaniyang hukbo, at yaong mga nabilang sa mga yaon ay apat na puo't isang libo at limang daan: **29** at ang angkakan ni Neftali: at ang magiging pangulo sa mga anak ni Neftali ay si Ahira na anak ni Enan: **30** at ang kaniyang hukbo at yaong mga nabilang sa mga yaon ay limang puo't tatlong libo at apat na raan. **31** Yaong lahat na nabilang sa kampoamento ng Dan, ay isang daan at limang puo't pitong libo at anim na raan. Sila ang magsisibunot na huli, ayon sa kanilang mga bandila.

**32** Ito ang mga nabilang sa mga anak ng Israel, ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang: yaong lahat na nabilang sa mga kampoamento, ayon sa kanikaniyang mga hukbo, ay anim na raan at tatlong libo at limang daan at limang puo. **33** Daputa't ang mga Levita ay hindi nabilang na kasama ng mga anak ng Israel gaya ng inutos ng PANGINOON kay Moises.

**34** Gayon ginawa ng mga anak ng Israel; ayon sa lahat ng inutos ng PANGINOON kay Moises, gayon sila nagsitayo sa siping ng kanilang mga bandila, at gayon sila nagsibunot, bawa't isa'y ayon sa kanilang mga kamag-anakan, ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang.

**3** At ito ang mga lahi ni Aaron at ni Moises, ng araw na ang PANGINOON ay magsalita kay Moises sa bundok ng Sinai. **2** At ito ang mga pangalan ng mga anak ni Aaron: si Nadab ang pangalanay, at si Abiu, si Eleazar, at si Itamar. **3** Ito ang mga pangalan ng mga anak ni Aaron na sacerdote na mga napahiran, na itinelega upang mamahala sa katungkulang sacerdote. **4** At si Nadab at si Abiu ay namatay sa harap ng PANGINOON, ng

sila'y maghandang ng ibang apoy sa harap ng PANGINOON, sa ilang ng Sinai, at sila'y hindi nagkaanak: at si Eleazar at si Itamar ay mga namahala sa katungkulang sacerdote sa harap ni Aarong kanilang ama.

**5** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na sinabing: **6** Ilapit mo ang angkakan ni Levi, at ilagay mo sila sa harap ni Aaron na sacerdote, upang mapamahalaan nila siya. **7** At kanilang iingat ang kaniyang katungkulan, at ang katungkulan ng boong kapulungan sa harap ng dampa ng kapisanan upang ganapin ang paghilingkod sa tabernakulo. **8** At kanilang iingat ang lahat ng kasangkapang ng dampa ng kapisanan at ang katungkulan ng mga anak ng Israel upang ganapin ang paghilingkod sa tabernakulo. **9** At iyong ibibigay ang mga Levita kay Aaron at sa kaniyang mga anak: sila'y tunay na tumatalaga sa kaniya sa ganang mga anak ng Israel. **10** At iyong ibahalal si Aaron at ang kaniyang mga anak, at kanilang iingat ang kanilang pagkasacerdote: at ang taga ibang bayan na lumapit ay papatayin.

**11** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na sinabing: **12** At tungkol sa akin, narito, aking dinala ang mga Levita sa gitna ng mga anak ng Israel sa lugar ng mga pangunay na nagbubukas ng bahaybata sa mga anak ng Israel: at ang mga Levita ay magiging akin: **13** sapagka't lahat ng pangunay ay akin; sapagka't ng araw na aking sugatan ang lahat ng pangunay sa lupain ng Egipto ay aking pinapagsanto sa akin, ang lahat ng pangunay sa Israel, maging tawo at maging hayop: sila'y magiging akin. Ako ang PANGINOON.

**14** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises sa ilang ng Sinai, na sinabing: **15** Bilangin mo ang mga anak ni Levi ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, ayon sa kanilang mga kamag-anakan: bawa't lalaki mula sa isang buong gulang hangang sa katandatandaan ay bibilangin mo. **16** At sila'y binilang ni Moises ayon sa salita ng PANGINOON, gaya ng inutos sa kaniya. **17** At ito ang mga maging anak ni Levi ayon sa kanilang mga pangalan: si Gerson, at si Keat, at si Merari. **18** At ito ang mga pangalan ng mga anak ni Gerson ayon sa kanilang mga kamag-anakan; si Libni at si Simi. **19** At ang mga anak ni Keat, ayon sa kanilang mga kamag-an-



kan; ay si Amran, at si Izhar, si Ebron at si Uziel. **20** At ang mga anak ni Merari ayon sa kanilang mga kamag-anakan; ay si Mahli at si Musi. Ito ang mga kamag-anakan ng mga Levita ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang.

**21** Kay Gerson ang kamag-anakan ng mga Libnita, at ang kamag-anakan ng mga Simeita: ito ang mga kamag-anakan ng mga Gersonita. **22** Yaong mga nabilang sa kanila, ayon sa bilang ng lahat na mga lalaki, mula sa isang buang gulang hangang sa katandatandaan, ang mga nabilang sa kanila, ay pitong libo at limang daan. **23** Ang mga kamag-anakan ng mga Gersonita ay magtatayo sa likuran ng tabernakulo sa dakong kalunuran. **24** At ang magiging pangulo sa bahay ng mga magulang ng mga Gersonita ay si Elizaf na anak ni Lael. **25** At ang magiging katungkulan ng mga anak ni Gerson sa dampa ng kapisanan ay ang tabernakulo at ang Dampa, ang takip noon, at ang tabing sa pintuan ng dampa ng kapisanan, **26** at ang mga bitin ng looban at ang tabing sa pintuan ng looban na nasa palibot ng tabernakulo at sa palibot ng altar, at ang mga tali noon para sa boong paglilingkod doon.

**27** At kay Koat ang kamag-anakan ng mga Amramita at ang kamag-anakan ng mga Izharita, at ang kamag-anakan ng mga Hebronita, at ang kamag-anakan ng mga Uzielita: ito ang mga kamag-anakan ng mga Koatita. **28** Ayon sa bilang ng lahat na mga lalaki, mula sa isang buang gulang hangang sa katandatandaan, ay walong libo at anim na raan na mga mamamahala ng katungkulan sa santuario. **29** Ang mga kamag-anakan ng mga anak ni Koat ay magsisitayo sa tagiliran ng tabernakulo, sa dakong timugan. **30** At ang magiging pangulo sa bahay ng mga magulang sa mga kamag-anakan ng mga Koatita ay si Elizafan na anak ni Uziel. **31** At ang magiging katungkulan nila ay ang kaban, at ang dulang, at ang kandelerio, at ang mga altar, at ang mga kasangkapan ng santuario na kanilang pinamamahalaan, at ang tabing at ang lahat ng paglilingkod doon. **32** At si Eleazar na anak ni Aarong sacerdote ay siyang magiging pangulo ng mga pangulo ng mga Levita at mamamahala sa mga may katungkulan sa santuario.

**33** Kay Merari ang kamag-anakan ng mga Mahlita at kamag-anakan ng mga Musita: ito ang mga kamag-anakan ni

Merari. **34** At yaong mga nabilang sa mga yaon, ayon sa bilang ng lahat na lalaki, mula sa isang buang gulang hangang sa katandatandaan, ay anim na libo at dalawaag daan. **35** At ang magiging pangulo sa bahay ng mga magulang sa kamag-anakan ni Merari ay si Zuriel na anak ni Abihail: sila'y magsisitayo sa tagiliran ng tabernakulo sa dakong hila-gaan. **36** At ang magiging katungkulan ng mga anak ni Merari, ay ang mga tabla ng tabernakulo, at ang mga sikang, at ang mga haligi, at ang mga tungtungan, at ang lahat ng kasangkapan, at lahat ng sa paglilingkod doon; **37** at ang mga haligi sa palibot ng looban, at ang mga tungtungan, at ang mga tulos, at ang mga tali ng mga yaon. **38** At yaong lahat na magsisitayo sa harap ng tabernakulo sa dakong silanganan, sa harap ng dampa ng kapisanan, sa dakong sinisikatan ng araw, ay si Moises, at si Aaron at ang kaniyang mga anak na mangagsisipag-ingat ng katungkulan sa santuario, *upang ganapin* ang pamamahala ng mga anak ng Israel; at ang toga ibang bayan na lumapit ay papatayn. **39** Yaong lahat na mga nabilang sa mga Levita na binilang ni Moises at ni Aaron sa utos ng PANGINOON ayon sa kanilang mga kamag-anakan, lahat ng lalaki mula sa isang buang gulang hangang sa katandatandaan; ay dalawang puot dalawang libo.

**40** At ang PANGINOON ay nagsabi kay Moises: Bilangin mo ang lahat ng lalaking panganay sa mga anak ng Israel mula sa isang buang gulang hangang sa katandatandaan, at iguhit mo ang bilang ng kanilang mga pangalan. **41** At iyong kukunin ang mga Levita para sa akin (Ako ang PANGINOON) na kapalit ng lahat na panganay sa mga anak ng Israel; at ang mga hayop ng mga Levita na kapalit ng lahat na panganay sa mga kayop ng mga anak ng Israel. **42** At binilang ni Moises, gaya ng iniutos sa kaniya ng PANGINOON, ang lahat ng panganay sa mga anak ng Israel. **43** At lahat ng panganay na lalaki ayon sa bilang ng mga pangalan mula sa isang buang gulang hangang sa katandatandaan, doon sa mga nabilang sa kanila, ay dalawaag puot dalawang libo at tatlong daan at pitong puot tatlo.

**44** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na sinabing: **45** Kunin mo ang mga Levita na kapalit ng lahat ng panganay sa mga anak ng Israel, at ang mga hayop ng mga Levita na kapalit ng kanilang mga hayop: at ang mga Levita

ay magiging akin; Ako ang PANGINOON. 46 At sa pagtubos sa dalawang daan at pitong puot tatlong panganay ng mga anak ng Israel na higit sa bilang ng mga Levita, 47 kukuha ka ng limang siklo sa bawat isa ayon sa ulo; ayon sa siklo ng santuario kakamin mo (isang siklo) ay dalawang puong gera; 48 at ibinigay mo ang sinajing ikatutubos ng humihigit sa *libung* nila kay Aaron at sa kaniyang mga anak. 49 At kinuha ni Moises ang salaping pangtubos sa mga labis na humigit sa mga natubos ng mga Levita: 50 sa mga panganay ng mga anak ng Israel kinuha niya ang salapi; isang libo at tatlong daan at anim na puot limang siklo, ayon sa siklo ng santuario: 51 at ibinigay ni Moises kay Aaron at sa kaniyang mga anak ang salaping pangtubos ayon sa salita ng PANGINOON, gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises.

4 At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises at kay Aaron, na sinabing: 2 Ayusin ninyo ang bilang ng mga anak ni Koat, sa mga anak ni Levi ayon sa kanilang mga kamag-anakan, ayon sa bahay ng kanilang mga magulang. 3 mula sa tatlong puong taong gulang hangang sa limang puong taong gulang, lahat ng pumapasok sa paglilingkod upang gumawa ng gagawin sa dampa ng kapisanan. 4 Ito ang paglilingkod ng mga anak ni Koat sa dampa ng kapisanan, sa mga bagay na pinakasanto: 5 pagka ang kampoamento ay bubunutin, ay papasok si Aaron sa loob, at ang kaniyang mga anak, at kanilang ibababa ang lambong ng tabing, at kanilang tatakpan noon ang kaban ng patotoo: 6 at kanilang lalagyan sa ibabaw ng isang takip na balat ng foka, at kanilang lalagan sa ibabaw ng isang kayong taganas na azul, at kanilang ilalagay ang mga pinga noon. 7 At sa ibabaw ng dulang ng tinapay na handog ay kanilang lalagan ng isang kayong azul, at kanilang ilalagay sa ibabaw nito ang mga pingan, at ang mga sandak, at ang mga mankok, at ang mga tasa upang buhusan: at ang tinapay na palagi ay malalagay sa ibabaw noon: 8 at kanilang lalagan ang ibabaw ng mga yaon ng kayong eskarlata, at kanilang tatakpan ito ng isang panakip na balat ng foka, at kanilang ilalagay ang mga pinga. 9 At kukuha sila ng isang kayong azul at kanilang tatakpan ang kandelerong pantanlaw at ang ilawan, at ang gunting, at ang mga pingan, at ang lahat ng mga

sisidlan ng langis noon, na kanilang ipinamamahala: 10 at kanilang ilalagay, at lahat ng kasangkapan noon, sa loob ng isang takip na balat ng foka, at kanilang ilalagay sa ibabaw ng isang pinga. 11 At ang ibabaw ng altar na gitna ay kanilang lalagan ng isang kayong azul, at kanilang tatakpan ng isang panakip na balat ng foka, at kanilang isusot ang mga pinga noon: 12 at kanilang kukunin ang lahat ng kasangkapan sa pamamahala, na ipinamamahala nila sa santuario, at kanilang ilalagay sa isang kayong azul, at kanilang tatakpan ng isang panakip na balat ng foka, at kanilang ipapatong sa pinga. 13 At kanilang alisin ang mga abo sa altar at kanilang lalagan ng isang kayong morado: 14 at kanilang ipapatong ang lahat ng kasangkapan na kanilang ipinamamahala sa palibot ng altar, ang dupuan at ang mga pang-ipit, at ang mga pala, at ang mga mankok, lahat ng kasangkapan ng altar; at kanilang lalagan ng isang panakip na balat ng foka, at kanilang isusot ang mga pinga noon. 15 At pagka si Aaron at ang kaniyang mga anak ay nakatapos na makapagtakip ng santuario at ng buong kasangkapan ng santuario, kanilang bubuhatin ang kampoamento; pagkatapos nito'y ang mga anak ni Koat ay mag-iilapit upang kanilang bahatin yaon: datapunt huag silang hihipo sa santuario, baka sila'y mamatay. Ang mga bagay na ito ay siyang pasan ng mga anak ni Koat sa dampa ng kapisanan. 16 At ang magiging tungkol ni Eleazar na anak ni Aaron ng sacerdote, ay ang langis sa ilawan, at ang mabangong kamayan, at ang palagiug handog na harina, at ang langis na pangpahid, ang pag-iingat ng buong tabernakulo at ng lahat na handog; ang santuario at ang mga kasangkapan noon.

17 At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises at kay Aaron, na sinabing: 18 Huag ninyong ibihalay ang ankan ng mga kamag-anakan ng mga Koatita sa gitna ng mga Levita: 19 kangdi gawin ninyo sa kanilang ganito, upang sila'y mabuhay at huag mamatay, paglapit nila sa mga pinakasantong bagay: si Aaron at ang kaniyang mga anak ay paroroon at itaturo sa bawat isa ang kaniyang gagawin at ang kaniyang pasan: 20 ngunit sila'y huag mag-iipapok upang tingnan ang santuario kahit sandali man, baka sila'y mamatay.

21 At ang PANGINOON ay nagsalita kay

Moises, na sinabing: **22** Ayusin mo nasaan ang bilang ng mga anak ni Gerson, ayong sa mga bahay ng kanilang mga magulang ayon sa kanilang mga kamag-anakan; **23** mula sa tatlong puong taong gulang at patanda hangang sa limang puong taong gulang ay bibilangin mo sila; yaong lahat na pumapasok upang mamahala sa paglilingkod upang gawin ang gagawin sa dampa ng kapisanan. **24** Ito ang paglilingkod ng mga kamag-anakan ng mga Gersonita, sa paglilingkod at sa pagdadala ng mga pasan: **25** dadalhin nila ang mga tabing ng tabernakulo, at ang dampa ng kapisanan, ang takip noon, at ang panakip na balat ng foka na nasa ibabaw nito, at ang tabing sa pintuan ng dampa ng kapisanan; **26** at ang mga bitin sa looban, at ang tabing sa pintuandang na ng looban na nasa siping ng tabernakulo, at ng altar, at ang mga tali ng mga yaon, at ang lahat ng kasangkapan sa kanilang paglilingkod at ang lahat na marapat na gawin sa mga yaon ay kanilang paglilingkuran. **27** At mapapasa pamamahala ni Aaron at ng kaniyang mga anak ang boong paglilingkod ng mga anak ng mga Gersonita sa boong kanilang pasan, at sa boong kanilang paglilingkod: at inyong ituturo sa kanila ang mga nauukol sa kanilang boong pasan. **28** Ito ang paglilingkod ng mga anak ng mga Gersonita sa dampa ng kapisanan: at ang tungkol nila ay malalagay sa ilalim ng pamamahala ni Itamar na anak ni Aarong sacerdote.

**29** Tungkol sa mga anak ni Merari, sila'y bibilangin mo ayon sa kanilang kamag-anakan ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang; **30** mula sa tatlong puong taong gulang at patanda, hangang sa limang puong taong gulang ay inyong bibilangin sila, lahat na pumapasok sa paglilingkod, upang gawin ang gagawin sa dampa ng kapisanan. **31** At ito ang katungkulan sa kanilang pasan, ayon sa boong paglilingkod nila sa dampa ng kapisanan; ang mga tabla ng tabernakulo, at ang mga sikang, at ang mga haligi, at ang mga tungtungan; **32** at ang mga haligi sa palibot ng looban, at ang mga tungtungan, at ang mga tulos, at ang mga tali sampuo ng lahat ng kasangkapan at ng boong paglilingkod: at ayon sa pangalan, ay ituturo mo sa kanila ang mga kasangkapan na katungkulan sa kanilang pasan. **33** Ito ang paglilingkod ng mga kamag-

anakan ng mga anak ni Merari ayon sa boong paglilingkod nila sa dampa ng kapisanan, sa ilalim ng pamamahala ni Itamar na anak ni Aarong sacerdote.

**34** At binilang ni Moises at ni Aaron, at ng mga pangulo sa kapisanan ang mga anak ng mga Koatita ayon sa kanilang kamag-anakan, at ayon sa bahay ng kanilang mga magulang, **35** mula sa tatlong puong taong gulang at patanda hangang sa limang puong taong gulang, ang lahat ng pumapasok sa paglilingkod, upang gumawa sa dampa ng kapisanan: **36** at yaong mga nabilang sa kanila ayon sa kanilang mga kamag-anakan, ay dalawang libo pitong daan at limang puo. **37** Ito ang mga nabilang sa mga kamag-anakan ng mga Koatita, lahat ng nagsisipaglilingkod sa dampa ng kapisanan, na mga binilang ni Moises at ni Aaron, ayon sa utos ng PANGINOON sa pamamag-itan ni Moises.

**38** At yaong mga nabilang sa mga anak ni Gerson, ayon sa kanilang mga kamag-anakan, at ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, **39** mula sa tatlong puong taong gulang at patanda hangang sa limang puong taong gulang, lahat ng pumapasok sa paglilingkod upang gumawa sa dampa ng kapisanan, **40** ang mga nabilang sa kanila, ayon sa kanilang mga kamag-anakan, ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, ay dalawang libo anim na raan at tatlong puo. **41** Ito ang mga nabilang sa mga kamag-anakan ng mga anak ni Gerson, lahat ng naglilingkod sa dampa ng kapisanan, na binilang ni Moises at ni Aaron, ayon sa utos ng PANGINOON.

**42** At ang mga nabilang sa mga kamag-anakan ng mga anak ni Merari ayon sa kanilang mga kamag-anakan, ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, **43** mula sa tatlong puong taong gulang at patanda hangang sa limang puong taong gulang, lahat ng pumapasok sa paglilingkod, upang gumawa sa dampa ng kapisanan, **44** yaong lahat na mga nabilang sa kanila ayon sa kanilang mga kamag-anakan, ay tatlong libo at dalawang daan. **45** Ito ang mga nabilang sa mga kamag-anakan ng mga anak ni Merari na binilang ni Moises at ni Aaron, ayon sa utos ng PANGINOON sa pamamag-itan ni Moises.

**46** Yaong lahat na mga nabilang sa mga Levita, na binilang ni Moises at ni Aaron at ng mga pangulo sa Israel, ayon sa kanilang mga kamag-anakan, at ayon

sa mga bahay ng kanilang mga magulang, 27 mula sa tatlong puong taong gulang at patanda hangang sa limang puong taong gulang, lahat ng pumapasok upang gumawa ng gawang paglilingkod, at ng gawang magdala ng mga panan sa harapan ng kapitanian, 28 yaong nabiling sa kanila, ay walang libo at limang daan at walong pito. 29 Ayon sa utos ng PANGINOON ay mga nabiling sa pamamagitan ni Moises, baw't isa ayon sa kaniyang paglilingkod, at ayon sa kaniyang pasan: gayon mga binilang niya, gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises.

5 At nagsalita ang PANGINOON kay Moises, na sinabing: 2 Intos mo sa mga anak ng Israel na ilabas sa kampo ng lahat ng may ketong, at yaong lahat na inaagaan, at yaong lahat na mga nahawa sa patay: 3 lalaki at babaye ay kapua niyo ilalabas sa labas ng kampo ng ilalagay niyo sila; upang huag nilang ibawa ang kanilang kampo ng aking tinatahanan sa gitna. 4 At ginawang gayon ng mga anak ng Israel, at mga inilabas sa labas ng kampo: kung paanong sinalita ng PANGINOON kay Moises ay gayon ginawa ng mga anak ng Israel.

5 At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: 6 Salitain mo sa mga anak ng Israel: Pagka ang isang lalaki o babaye ay nagkasala ng ano mang kasalanan na kinakamit ng mga lalaki, na sumasalangsang laban sa PANGINOON at maging salarin ang gayong tawo; 7 kung magkagayo'y kanilang isasaysay ang kanilang kasalananag nagawa: at kanilang boong tutubusin ang kanilang sala, at dadagdagan pa niya ng ikalimang bahagi noon, at ibilagay doon sa pinagkasalahan. 8 Datapua't kung ang lalaki ay walang kamag-anak na mapagtutubusan ng sala, ang katubusan ng sala na handog sa PANGINOON ay magiging sa sacerdote; bukod sa tupang lalaking pinakatubos sa kaniya. 9 At ang baw't handog na itinaas sa lahat ng mga bagay na santo ng mga anak ng Israel, na kanilang ibaharap sa sacerdote ay magiging kaniya. 10 At ang mga bagay na santo ng baw't lalaki ay magiging kaniya: ang ibigay ng sino mang tawo sa sacerdote ay magiging kaniya.

11 At nagsalita ang PANGINOON kay Moises, na nagsabing: 12 Salitain mo sa mga anak ng Israel, at sabihin mo sa kanilang: Kung ang asawa ng sino mang lalaki ay nagkama, na di nagtatapat sa

kaniya, 13 at ang ibang lalaki ay sumiping sa kaniya, at ito'y nakubli sa mga mata ng kaniyang asawa at ang bagay ay naluhim, at ang babaye ay nadumhan at walang saksi laban sa kaniya, o hindi man nasubukan siya sa kapanahunan; 14 at ang espiritu ng paninibugho ay sumasawa, at siya'y magkapanibugho sa kaniyang asawa at siya'y nadumhan: o kung sumakaniya ang espiritu ng paninibugho tungkol sa kaniyang asawang babaye at siya'y manibugho sa kaniyang asawa, at siya'y hindi nadumhan: 15 dadalhin ng lalaki ang kaniyang asawa sa sacerdote, at ipagdadalala ng alay ng babaye ng ikasampung bahagi ng isang efa ng harina ng cebada; hindi niya bubuhusan ng langis, o lalagyan man ng olivano; sapagka't handog na harina tungkol sa paninibugho, handog na harina na palaala, na nagpapaalaala ng kasalanan. 16 At ilalapat ng sacerdote ang babaye, at patatayuin sa harap ng PANGINOON: 17 at ang sacerdote ay kukuha ng santong tubig sa isang sisidlang lapa; at sa alabok na nasa lapag ng tabernakulo ay dadampot ang sacerdote, at ilalagay sa tubig: 18 at patatayuin ng sacerdote ang babaye sa harap ng PANGINOON, at ipalalaylay ang buhok ng babaye, at ilalagay ang handog na harina na palaala sa kaniyang mga kamay, na handog na harina tungkol sa paninibugho: at tatangnan sa kamay ng sacerdote ang mapapait na tubig na humahakot ng sumpa: 19 at siya'y panunumpain ng sacerdote, at sasabihin sa babayeng: Kung walang sumiping sa iyong ibang lalaki, at kung di ka naligaw sa karumihan, sa isang hindi mo asawa, maligat ka nga sa mapapait na tubig na ito na humahakot ng sumpa: 20 datapua't kung ikaw ay tunay na naligaw sa iba na di mo asawa, at kung ikaw ay nadumhan, at ang lalaki ay sumiping sa iyo, bukod sa iyong asawa: 21 kung gayon ay panunumpain ng sacerdote ang babaye ng panunumpang sunapa, at sasabihin ng sacerdote sa babaye; ilagay ka ng PANGINOON na pinakastumpa at pinakapula sa gitna ng iyong bayan pagka gagawin sa iyo ng PANGINOON na manuno ang iyong hita at ang iyong tiyan ay lumaki; 22 at ang tubig na ito na humahakot ng sumpa ay tatalab sa iyong tiyan, at ang iyong tiyan ay palaluhin, at ang iyong hita ay palaluhin: At ang babaye ay magsasabing: 'Siya nawa! 'Siya nawa! 23 At isu-

sulat ng sacerdote ang mġa sumpang ito sa isang libro, at kaniyang mġa bubura-hin sa mapapait na tubig: **24** at kaniyang ipaiinom sa babaye ang mapapait na tubig na humahakot ng sumpa: at ang tubig na humahakot ng sumpa ay tatalab sa kaniya, at *magiging* mapait. **25** At kukuniu ng sacerdote sa kamay ng babave ang handog na harina tungkol sa paninibugho at kaniyang aalogin ang handog na harina sa harap ng PANGINOON, at dadalhin sa altar: **26** at ang sacerdote ay kukuha ng isang dakot ng handog na harina na pinakaalala noon at susunugin sa ibabaw ng altar, at pagkatapos ay ipaiinom sa babaye ang tubig. **27** At pagka napainom na siya ng tubig, mag-yayari nga kung siya'y nadumhan, at siya'y hindi nagtapat sa kaniyang asawa, na ang tubig na yaon na humahakot ng sumpa, ay tatalab sa kaniya at *magiging* mapait, at ang kaniyang tiyan ay lalaki at ang kaniyang hita ay manlulumo: at ang babaye ay magiging sumpa sa gitna ng kaniyang bayan. **28** At kung ang babaye ay hindi nadumhan, kungdi malinis; siya'y magiging laya at maglililihi ng binhi. **29** Ito ang kautusan tungkol sa paninibugho, pagka ang isang babaye ay naligaw sa *lalaking* di niya asawa, at nadumhan; **30** o pagka ang espiritu ng paninibugho ay sumaisang lalaki, at nanibugho sa kaniyang asawa; patatayuin nga ang babaye sa harap ng PANGINOON at gagawin ng sacerdote sa kaniya ang boong kautusang ito. **31** At ang lalaki ay maliligtas sa kasam-an, at ang babaye ay siyang magdadala ng kaniyang kasam-an.

**6** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: **2** Salitain mo sa mġa anak ng Israel, at sabihin mo sa kanilang: Pagka ang sino mang lalaki o babaye ay gagawa ng isang tanging panata, ng panatang Nazareo, upang tumalaga sa PANGINOON: **3** siya'y hihawalay sa alak at sa matapang na inumin; siya'y hindi iinom ng sukang alak, o sukang nakalalasing, o iinom man ng ano mang inuming yari sa uvas o kakain man ng hilaw na uvas o pasas. **4** Sa lahat ng araw ng kaniyang pagkatalaga ay hindi siya kakain ng ano mang bagay na ibinubunga ng puno ng uvas, magmula sa mġa butil hangang sa balat. **5** Lahat ng araw ng kaniyang pagkatalaga ay walang pang-ahit na daraan sa ibabaw ng kaniyang ulo: hangang sa matupad ang mġa araw

na kaniyang inihawalay sa PANGINOON, siya'y magiging santo at kaniyang pababayaan tumubo ang mġa haba ng buhok ng kaniyang ulo. **6** Lahat ng araw ng kaniyang pagkahiwalay para sa PANGINOON, ay hindi siya lalapit sa patay na katawan. **7** Siya'y huag magpapakadumi sa kaniyang ama o sa kaniyang ina, o sa kaniyang kapatid na lalaki o babaye pagka sila'y namatay: sapagka't ang pagkatalaga sa kaniya sa Dios, ay nasa ibabaw ng kaniyang ulo. **8** Lahat ng araw ng kaniyang pagkatalaga, siya'y santo sa PANGINOON. **9** At kung ang sino man ay biglang mamatay sa kaniyang siping, at mahawa ang ulo ng kaniyang pagkatalaga; kung magkagayo'y kaniyang aahitan ang kaniyang ulo sa araw ng kaniyang pagkalinis, sa ikapitong araw niya aahitan, **10** At sa ikawalong araw ay magdadala siya ng dalawang batobato o dalawang inakay ng kalapati sa sacerdote, sa pintuan ng dampa ng kapisanan: **11** at ihahandog ng sacerdote ang isa na pinakahandog dahil sa kasalanan, at ang isa'y pinakahandog na susunugin at itutubos sa kaniya, sapagka't siya'y nagkasala dahil sa patay, at sasantohin niya ang kaniyang ulo sa araw ding yaon. **12** At itatalaga niya sa PANGINOON ang mġa araw ng kaniyang pagkatalaga, at siya'y magdadala ng isang corderong lalaki ng unang taon na pinakahandog dahil sa pagkakasala: datapua't ang mġa unang araw ay mawawalan ng kabuluhan, sapagka't ang kaniyang pagkatalaga ay nahawa.

**13** At ito ang kautusan tungkol sa Nazareo, pagka ang mġa araw ng kaniyang pagkatalaga ay natupad: siya'y dadalhin sa pintuan ng kaniyang dampa ng kapisanan; **14** at kaniyang ihahandog ang kaniyang alay sa PANGINOON, isang corderong lalaki ng unang taon na walang kapintasan, na pinakahandog na susunugin, at isang corderong babaye ng unang taon na walang kapintasan na pinakahandog dahil sa kasalanan at isang tupang lalaki na walang kapintasan na pinakahandog tungkol sa kapayapaan, **15** at isang bakol na tinapay na walang levadura, mġa mamong bulaklak ng harina na hinaluan ng langis, at mġa ampanadang walang levadura na pinahiran ng langis, at ang kanilang handog na harina at ang kanilang mġa handog na inumin. **16** At mġa ihaharap ng sacerdote sa harap ng PANGINOON, at ihahandog ang

kaniyang handog dahil sa kasalanan at ang kaniyang handog na susunugin: **17** At kaniyang ihahandog din ang tungang lalaki sa PANGINOON na pinakahayin na mga handog tungkol sa kapayapaan na kalakip ng bakol ng mga tinapay na walang levadura: ihahandog din ng sacerdote ang kanilang handog na harina at ang handog na imonia. **18** At ang Nazareo ay mag-aahit ng ulo sa kaniyang pagkatalaga sa pintuan ng dampa ng kapisanan at kaniyang dadaluputin ang buhok ng ulo ng kaniyang pagkatalaga at ilalagay sa ibabaw ng apoy na nasa ilalim ng hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan. **19** At kukunin ng sacerdote ang lutong balik at ng tupa, at isang manong walang levadura sa bakol, at isang ampanadang walang levadura, at mga ilalagay sa mga kamay ng Nazareo, pagkatapos na makapag-aahit ng ulo ng kaniyang pagkatalaga: **20** at mga aalugin ng sacerdote na pinakahandog na inalag sa harap ng PANGINOON; (ito'y sauto sa sacerdote, sampuo ng dibdib na inalag at ng hitang itinaas): at pagkatapos nito'y ang Nazareo ay makaiinom ng alak. **21** Ito ang kautusan tungkol sa Nazareo na nagpanata, at tungkol sa kaniyang alay sa PANGINOON dahil sa kaniyang paghiwalay, bukod pa sa nabutin ng kaniyang mga kaya: ayon sa kaniyang panata na kaniyang ipinanata, gayon niya gagawin, ayon sa kautusan tungkol sa kaniyang pagkatalaga.

**22** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na sinabing: **23** Sulitain mo kay Aaron at sa kaniyang mga anak, na iyong sabihing: Sa ganitong paraan pagpapalain ninyo ang mga anak ng Israel; inyong sasabihin sa kanilang:

**24** Pagpalain ka ng PANGINOON at ingatan ka.

**25** Paliwanagin ng PANGINOON ang kaniyang mukha sa iyo, at magkaroon sa iyo ng habag:

**26** Itinghin ng PANGINOON ang kaniyang mukha sa iyo, at bigyan ka ng kapayapaan.

**27** Gayon nila ilalagay ang aking pangalan sa mga anak ng Israel; at aking mga pagpapalain sila.

**7** At nangyari ng araw na matapos ni Moises na maitayo ang tabernakulo, at mapahiran ng langis at mapaging santo sampuo ng lahat ng kasangkapan at ang altar at ang lahat na kasangkapan, at mapahiran ng langis at mapaging sauto. **2** na

inihandog ng mga pangulo sa Israel, ng mga pangulo sa mga bahay ng kanilang mga magulang; ito ang mga pangulo sa mga angkang, ito ang mga namamahala doon sa mga nabilang: **3** at kanilang dinala ang kanilang alay sa harap ng PANGINOON, amin na karitong may takip, at labing dalawang baka; isang kariton sa bawat dalawa sa mga pangulo, at sa bawat isa'y isang baka: at kanilang mga iniharap sa harap ng tabernakulo. **4** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nag-abing: **5** Tangapin mo sa kanila, upang sila'y gumawa ng paglilingkod sa dampa ng kapisanan; at mga ibibigay mo sa mga Levita, sa bawat lalaki ayon sa kaniyang paglilingkod. **6** At tinanggap ni Moises ang mga kariton at ang mga baka, at mga ibinigay sa mga Levita. **7** Dalawang kariton at apat na baka ay ibinigay niya sa mga anak ni Gerson, ayon sa kaniyang paglilingkod: **8** at apat na kariton at walong baka ay kaniyang ibinigay sa mga anak ni Merari, ayon sa kanilang paglilingkod, sa ilalim ng pamamahala ni Itamar na anak ni Aarong sacerdote. **9** Ngunit sa mga anak ni Keat ay walong ibinigay siya: sapagka't ang paglilingkod sa santuario ay nauukol sa kanila; kanilang papa-amin sa kanilang mga balikat. **10** At ang mga pangulo ay naghandog sa pagtatalaga sa altar ng araw na pahiran ng langis, na ang mga pangulo ay naghandog ng kanilang alay sa harap ng altar. **11** At ang PANGINOON ay nagsabi kay Moises: Sila'y maghahandog ng kanilang alay, bawat pangulo sa kaniyang kaarawan, sa pag-tatalaga sa altar.

**12** At ang naghandog ng kaniyang alay ng unang araw ay si Naason na anak ni Aminadab sa angkang ni Juda: **13** at ang kaniyang alay ay isang pingang pilak, na ang ligat noon ay isang daan at tatlong puong siklo, isang maukok na pilak na ang bigat ay pitong puong siklo ayon sa siklo ng santuario; kapua puno ng mainam na harina na hinaluan ng langis, na pinakahandog na harina; **14** isang kueharang ginto na ang ligat ay sampuon ng siklo, na puno ng kamayanan; **15** isang guyang toro? isang tupang lalaki, isang corderong lalaki ng unang taon, na pinakahandog na susunugin; **16** isang lalaki sa mga kambing na handog dahil sa kasalanan; **17** at sa hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan, ay dalawang baka, limang tupang lalaki, limang karitong na lalaki, limang corderong la-

laki ng unang taon: ito ang alay ni Naason na anak ni Aminadab.

**18** Ng ikalawang araw, si Natanael na anak ni Zuar, na pangulo ni Isakar, ay naghandog: **19** kaniyang inihandog na pinakaalay niya, ay isang pingang pilak, na ang bigat ay isang daan at tatlong puong siklo, isang mankok na pilak na ang bigat ay pitong puong siklo, ayon sa siklo ng santuario; kapua puno ng mainam na harina na hinaluan ng langis, na pinakahandog na harina; **20** isang kucharang ginto na ang bigat ay sampuonng siklo na puno ng kamanyan; **21** isang guyang toro, isang tupang lalaki, isang corderong lalaki ng unang taon, na handog na susunugin; **22** isang lalaking kambing na handog dahil sa kasalanan; **23** at pinakahayin na mga handog tungkol sa kapayapaan, ay dalawang baka, limang tupang lalaki, limang kambing na lalaki, limang corderong lalaki ng unang taon: ito ang alay ni Natanael na anak ni Zuar.

**24** Ng ikatlong araw ay si Eliab na anak ni Helon, na pangulo sa mga anak ni Zabulon: **25** ang kaniyang alay, ay isang pingang pilak, ang bigat noon ay isang daan at tatlong puong siklo, isang mankok na pilak na ang bigat ay pitong puong siklo, ayon sa siklo ng santuario; kapua puno ng mainam na harina na hinaluan ng langis, upang maging handog na harina; **26** isang kucharang ginto na ang bigat ay sampuonng siklo, na puno ng kamanyan; **27** isang guyang toro, isang tupang lalaki, isang corderong lalaki ng unang taon, na handog na susunugin; **28** isang lalaki sa mga kambing, na handog dahil sa kasalanan; **29** at sa hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan, dalawang baka, limang tupang lalaki, limang kambing na lalaki, limang corderong lalaki ng unang taon: ito ang alay ni Eliab na anak ni Helon.

**30** Ng ikaapat na araw ay si Elizur na anak ni Sedeur, na pangulo sa mga anak ni Ruben: **31** ang kaniyang alay ay isang pingang pilak, na ang bigat noon ay isang daan at tatlong puong siklo, isang mankok na pilak na ang bigat ay pitong puong siklo, ayon sa siklo ng santuario; kapua puno ng mainam na harina na hinaluan ng langis, na handog na harina; **32** isang kucharang ginto na ang bigat ay sampuonng siklo, na puno ng kamanyan; **33** isang guyang toro, isang tupang lalaki, isang corderong lalaki ng unang taon, na handog na susunugin;

**34** isang lalaking kambing, na handog dahil sa kasalanan; **35** at sa hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan, ay dalawang baka, limang tupang lalaki, limang kambing na lalaki, limang corderong lalaki ng unang taon: ito ang alay ni Elizur na anak ni Sedeur.

**36** Ng ikalimang araw ay si Selumiel na anak ni Zurisadai, na pangulo sa mga anak ni Simeon: **37** ang kaniyang alay ay isang pingang pilak, na ang bigat ay isang daan at tatlong puong siklo, isang mankok na pilak na ang bigat ay pitong puong siklo, ayon sa siklo ng santuario; kapua puno ng mainam na harina na hinaluan ng langis, na handog na harina; **38** isang kucharang ginto na ang bigat ay sampuonng siklo, na puno ng kamanyan; **39** isang guyang toro, isang tupang lalaki, isang corderong lalaki ng unang taon, na handog na susunugin; **40** isang kambing na lalaki, na handog dahil sa kasalanan; **41** at sa hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan, dalawang baka, limang tupang lalaki, limang kambing na lalaki, limang corderong lalaki ng unang taon: ito ang alay ni Selumiel na anak ni Zurisadai.

**42** Ng ikaanim na araw ay si Eliasaf na anak ni Dewel, pangulo sa mga anak ni Gad, **43** ang kaniyang alay ay isang pingang pilak, ang bigat noon ay isang daan at tatlong puong siklo, isang mankok na pilak na ang bigat ay pitong puong siklo, ayon sa siklo ng santuario; kapua puno ng mainam na harina na hinaluan ng langis, na handog na harina; **44** isang kucharang ginto na ang bigat ay sampuonng siklo, na puno ng kamanyan; **45** isang guyang toro, isang tupang lalaki, isang corderong lalaki ng unang taon, na handog na susunugin; **46** isang lalaki sa mga kambing na handog dahil sa kasalanan; **47** at sa hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan, dalawang baka, limang tupang lalaki, limang kambing na lalaki, limang corderong lalaki ng unang taon: ito ang alay ni Eliasaf na anak ni Dewel.

**48** Ng ikapitong araw ay si Elisama na anak ni Amiud, pangulo sa mga anak ni Efraim: **49** ang kaniyang alay ay isang pingang pilak, ang bigat noon ay isang daan at tatlong puong siklo, isang mankok na pilak na ang bigat ay pitong puong siklo, ayon sa siklo ng santuario; kapua puno ng mainam na harina na hinaluan ng langis, na handog na harina; **50** isang kucharang ginto na ang bigat ay sampuonng siklo, na puno ng kamanyan; **51** isang

guyang toro, isang tupang lalaki, isang corderong lalaki ng unang taon, na handog na susunugin; **52** isang lalaki sa mga kambing na handog dahil sa kasalanan; **53** at sa hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan, ay dalawang baka, limang tupang lalaki, limang kambing na lalaki, limang corderong lalaki ng unang taon: ito ang alay ni Elisama na anak ni Amiel.

**54** Ng ikawalong araw ay si Gamaliel na anak ni Pedazur, pangulo sa mga anak ni Manases: **55** ang kaniyang alay ay isang pingang pilak, na ang bigat ay isang daan at tatlong puong siklo, isang mankok na pilak na *ang bigat ay* pitong puong siklo, ayon sa siklo ng santuario; kapua puno ng mainam na harina na hinaluan ng langis, na handog na harina; **56** isang kucharang ginto na *ang bigat ay* sampuonng siklo, na puno ng kamanyan; **57** isang guyang toro, isang tupang lalaki, isang corderong lalaki ng unang taon, na handog na susunugin; **58** isang lalaki sa mga kambing na handog dahil sa kasalanan; **59** at sa hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan, ay dalawang baka, limang tupang lalaki, limang kambing na lalaki, limang corderong lalaki ng unang taon: ito ang alay ni Gamaliel na anak ni Pedazur.

**60** Ng ikasiam na araw ay si Abidan, na anak ni Gedeoni, na pangulo sa mga anak ni Benjamin: **61** ang kaniyang alay ay isang pingang pilak, ang bigat noo'y isang daan at tatlong puong siklo, isang mankok na pilak na *ang bigat ay* pitong puong siklo, ayon sa siklo ng santuario; kapua puno ng mainam na harina na hinaluan ng langis, na handog na harina; **62** isang kucharang ginto na *ang bigat ay* sampuonng siklo, na puno ng kamanyan; **63** isang guyang toro, isang tupang lalaki, isang corderong lalaki ng unang taon, na handog na susunugin; **64** isang lalaki sa mga kambing na handog dahil sa kasalanan; **65** at sa hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan, ay dalawang baka, limang tupang lalaki, limang kambing na lalaki, limang corderong lalaki ng unang taon: ito ang alay ni Abidan na anak ni Gedeoni.

**66** Ng ikasampuonng araw ay si Ahiezer na anak ni Amisadai, na pangulo sa mga anak ng Dan: **67** ang kaniyang alay ay isang pingang pilak, na ang bigat noo'y isang daan at tatlong puong siklo, isang mankok na pilak na *ang bigat ay* pitong

puong siklo, ayon sa siklo ng santuario; kapua puno ng mainam na harina na hinaluan ng langis, upang handog na harina; **68** isang kucharang ginto na *ang bigat ay* sampuonng siklo, na puno ng kamanyan; **69** isang guyang toro, isang tupang lalaki, isang corderong lalaki ng unang taon, na handog na susunugin; **70** isang lalaki sa mga kambing na handog dahil sa kasalanan; **71** at sa hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan, dalawang baka, limang tupang lalaki, limang kambing na lalaki, limang corderong lalaki ng unang taon: ito ang alay ni Ahiezer na anak ni Amisadai.

**72** Ng ikalabing isang araw ay si Pagiel na anak ni Okran, pangulo sa mga anak ni Aser: **73** ang kaniyang alay ay isang pingang pilak, na ang bigat noo'y isang daan at tatlong puong siklo, isang mankok na pilak na *ang bigat ay* pitong puong siklo, ayon sa siklo ng santuario; kapua puno ng mainam na harina na hinaluan ng langis, na handog na harina; **74** isang kucharang ginto na *ang bigat ay* sampuonng siklo, na puno ng kamanyan; **75** isang guyang toro, isang tupang lalaki, isang corderong lalaki ng unang taon, na handog na susunugin; **76** isang lalaki sa mga kambing, na handog dahil sa kasalanan; **77** at sa hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan, dalawang baka, limang tupang lalaki, limang kambing na lalaki, limang corderong lalaki ng unang taon: ito ang alay ni Pagiel na anak ni Okran.

**78** Ng ikalabing dalawang araw si Ahira na anak ni Enan, na pangulo sa mga anak ng Neftali: **79** ang kaniyang alay ay isang pingang pilak, na ang bigat ay isang daan at tatlong puong siklo, isang mankok na pilak na *ang bigat ay* pitong puong siklo, ayon sa siklo ng santuario; kapua puno ng mainam na harina na hinaluan ng langis, na handog na harina; **80** isang kucharang ginto na *ang bigat ay* sampuonng siklo, na puno ng kamanyan; **81** isang guyang toro, isang tupang lalaki, isang corderong lalaki ng unang taon, na handog na susunugin; **82** isang lalaki sa mga kambing, na handog dahil sa kasalanan; **83** at sa hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan, dalawang baka, limang tupang lalaki, limang kambing na lalaki, limang corderong lalaki ng unang taon: ito ang alay ni Ahira na anak ni Enan.

**84** Ito ang pagtatalaga ng altar, ng araw



na pahiran *nġ lanġis* nġ *mġa pangulo* sa Israel: labing-dalawang pingang pilak, labing dalawang mankok na pilak, labing dalawang kucharang ginto: **35** bawa't pingang pilak *ang bigat* ay isang daan at tatlong puong *siklo*, at bawa't mankok ay pitong puo: lahat nġ pilak nġ *mġa sisidlang ito* ay dalawang libo at apat na raang *siklo*, ayon sa *siklo nġ santuario*: **36** ang labing dalawang kucharang ginto, na puno nġ kamanyan, na *ang bigat* ay sampung *siklo* bawa't isa, ayon sa *siklo nġ santuario*: ang kabooan nġ ginto nġ *mġa kuchara*, ay isang daan at dalawang puong *siklo*: **37** lahat nġ baka na hardog na susunugin ay labing dalawang toro, ang *mġa tupang lalaki* ay labing dalawa, ang *mġa corderong lalaki* nġ unang taon ay labing dalawa, at ang kanilang *mġa handog na harina*: at ang *mġa kambing na lalaki na handog dahil sa kasalanan* ay labing dalawa: **38** at lahat nġ baka upang hayin na *mġa handog tungkol sa kapayapaan*, ay dalawang puo't apat na toro, ang *mġa tupang lalaki ay anim na puo*, ang *mġa kambing na lalaki ay anim na puo*, ang *mġa corderong lalaki nġ unang taon ay anim na puo*. Ito ang pagtatalaga sa altar pagkatapos na mapahiran nġ langis. **39** At nġ si Moises ay pumasok sa dampa nġ kapisanan, upang makipagsalitaan sa *Panginoon*, narinig nġa niya ang *Voces na nagsasalita sa kaniya*, mula sa itaas nġ loklokan nġ awa na nasa ibabaw nġ kaban nġ patotoo, na nasa gitna nġ dalawang kerubin: at siya'y nagsalita sa kaniya.

**8** At ang *PANGINOON* ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: **2** Salitain mo kay Aaron, at sabihin mo sa kaniyang: Pagsisindi mo nġ *mġa ilawan*, ang pitong ilawang nasa tapat nġ kandelero ay tatanglaw. **3** At ginawang gayon ni Aaron: kaniyang sinindihan ang *mġa ilawan upang tumanglaw sa tapat nġ kandelero*, gaya nġ iniutos nġ *PANGINOON* kay Moises. **4** At ito ang pagkayari nġ kandelero, gintong niyari sa pamukpok; ang tungtungau noon at ang *mġa bulaklak noon ay yari sa pamukpok*: ayon sa pagwawangisan na ipinakita nġ *PANGINOON* kay Moises, gayon ginawa niya ang kandelero.

**5** At ang *PANGINOON* ay nagsalita kay Moises, na sinabing: **6** Kunin mo ang *mġa Levita* sa gitna nġ *mġa anak nġ Israel* at linisin mo sila. **7** At ganito ang gaga-

win mo sa kanila, paglilinis mo sa kanila: Iwisik mo sa kanila ang tubig na paanlinis nġ sala, at kanilang paraavin ang pang-ahit sa boong laman nila, at labhan nila ang kanilang *mġa suot*, at sila'y magpakalinis. **8** Kung magkagayo'y pakumin mo sila nġ isang guyang toro at nġ kaniyang handog na harina na mainan, na hariuang hinaluan nġ langis, at kukuha ka nġ ibang guyang toro na handog dahil sa kasalanan. **9** At ihaharap mo ang *mġa Levita* sa harap nġ dampa nġ kapisanan: at pipisanin mo ang boong kapulungan nġ *mġa anak nġ Israel*: **10** at inaharap mo ang *mġa Levita* sa harap nġ *PANGINOON*: at ipapatong nġ *mġa anak nġ Israel* ang kanilang *mġa kamay sa mġa Levita*: **11** at ihahandog ni Aaron ang *mġa Levita* sa harap nġ *PANGINOON* na pinakahandog na inalog sa ganang *mġa anak nġ Israel*, upang kanilang gawin ang paglilingkod sa *PANGINOON*. **12** At ipapatong nġ *mġa Levita* ang kanilang *mġa kamay sa mġa ulo nġ mġa guyang toro*: at ihandog mo ang isa na pinakahandog dahil sa kasalanan, at ang isa'y pinakahandog na susunugin sa *PANGINOON*, upang itubos sa *mġa Levita*. **13** At patatayuin mo ang *mġa Levita* sa harap ni Aaron at sa harap nġ kaniyang *mġa anak*, at *mġa ihahandog mo na pinakahandog na inalog sa PANGINOON*. **14** Ganito mo ihihawalay ang *mġa Levita* sa gitna nġ *mġa anak nġ Israel*: at ang *mġa Levita ay magiging akin*. **15** At pagkatapos nito ay magsisipasok ang *mġa Levita*, upang gawin ang paglilingkod sa dampa nġ kapisanan at iyong *mġa liliinis*, at *mġa ihahandog mo na pinakahandog na inalog*. **16** Sapagka't sila'y boong nabigay sa akin mula sa gitna nġ *mġa anak nġ Israel*; kapalit nġ lahat nġ nagsisipagbukas nġ bahay-bata, nġ *mġa panganyan sa lahat nġ mġa anak nġ Israel*, ay kinukuba sila para sa akin. **17** Sapagka't lahat nġ panganyan sa gitna nġ *mġa anak nġ Israel* ay akin, maging tawo at maging hayop; nġ araw na aking sugatan ang lahat nġ panganyan sa lupain nġ Egipto, ay aking *mġa pinapagsanto para sa akin*. **18** At aking kinuha ang *mġa Levita* na kapalit nġ lahat nġ panganyan sa gitna nġ *mġa anak nġ Israel*. **19** At aking ibinigay ang *mġa Levita* na pinakakaloob kay Aaron at sa kaniyang *mġa anak mula sa gitna nġ mġa anak nġ Israel* upang gawin ang paglilingkod sa *mġa anak nġ Israel* sa dampa nġ kapisanan, at upang itubos sa *mġa anak nġ Israel*, upang huag mag-

karoon ng salot sa gitna ng mga anak ng Israel, pagka ang mga anak ng Israel ay lumapit sa santuario. **20** Ganito ang ginawa ni Moises, at ni Aaron, at ng boong kapulungan ng mga anak ng Israel sa mga Levita: ayon sa lahat na iniutos ng PANGINOON kay Moises tungkol sa mga Levita, gayon ginawa ng mga anak ng Israel sa kanila. **21** At ang mga Levita ay nagsipaglinis ng kanilang kasalanan, at nagsipaglaban ng kanilang mga damit; at mga inihandog ni Aaron na pinakahandog na inalag sa harap ng PANGINOON; at itinubos sa kanila ni Aaron upang linisin sila. **22** At pagkatapos noon ay nagsipasok ang mga Levita upang gawin ang kanilang paglilingkod sa dampa ng kapitanan sa harap ni Aaron at sa harap ng kaniyang mga anak: kung paano ang iniutos ng PANGINOON kay Moises tungkol sa mga Levita, gayon ang ginawa nila sa kanila.

**23** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: **24** Ito ang nauukol sa mga Levita: mula sa dalawang puot limang taong gulang at patanda, sila'y papasok upang maglilingkod sa gawang dampa ng kapitanan: **25** at mula sa limang puong taong gulang sila'y titigil sa paglilingkod sa gagawin at hindi sa sila maglilingkod; **26** ngunit kanilang pamamahalaan ang kanilang mga kapatid sa dampa ng kapitanan, upang ingatan ang katungkulan, at sila'y hindi na maglilingkod. Gayon ang gagawin mo sa mga Levita tungkol sa kanilang mga katungkulan.

**9** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises sa ilang ng Sinai, sa unang buan ng ikalawang taon pagkatapos na sila'y makaalis sa lupain ng Egipto, na sinabing: **2** Bukod sa rito ay ipagdiwang ng mga anak ng Israel ang paskua sa kaniyang kaukulang panahon. **3** Sa ikalabing apat na araw ng buang ito, sa pagtatakip silim ay inyong ipagdiwang sa kaniyang kaukulang panahon: ayon sa lahat na palatuntunan noon at ayon sa lahat ng ayos noon, inyong ipagdiwang. **4** At si Moises ay nagsalita sa mga anak ng Israel upang ipagdiwang ang paskua. **5** At kanilang ipinagdiwang ang askua ng unang buan, sa ikalabing apat na araw ng buan, sa pagtatakip silim, sa ilang ng Sinai: ayon sa lahat na iniutos ng PANGINOON kay Moises, ay gayon ginawa ng mga anak ng Israel. **6** At may mga lalaki na mga marumi dahil sa bangkay

ng isang tawo, na ano pa't hindi naipagdiwang ang paskua ng araw na yaon; at nagsiharap sila kay Moises at kay Aaron ng araw na yaon: **7** at ang mga lalaking yaon ay nagsipag-abi sa kanilang: Kami ay mga marumi dahil sa bangkay ng isang tawo: bakit kami ay masasansala na ano pa't kami ay huag maghandog ng alay sa PANGINOON sa kaniyang kaukulang panahon na kasama ng mga anak ng Israel? **8** At si Moises ay nag-abi sa kanilang: Maghintay kayo; upang aking marinig ang ipag-utos ng PANGINOON tungkol sa inyo.

**9** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: **10** Salitain mo sa mga anak ng Israel, na iyong sabihing: Kung ang sino mang tawo sa inyo o sa inyong lahi ay maging marumi dahil sa isang tangkay, o *masuapangan* sa isang malayong paglalakbay, gayon man ay kaniyang ipagdiwang ang paskua sa PANGINOON: **11** sa ikalawang buan ng ikalabing apat na araw sa pagtatakip silim, ay kanilang ipagdiwang; kanilang kakatung may mga tinapay na walang lewdura at mga gulay na napait: **12** wala silang ititira noon hangang sa kinamagahan, o sisira man ng buto noon: ayon sa boong palatuntunan ng paskua ay kanilang ipagdiwang. **13** Datapu't ang lalaki na malinis, at wala sa paglalakbay, at hindi ipinagdiwang ang paskua, ang tawong yaon ay ihihawalay sa kaniyang bayan: sapagka't siya'y hindi maghandog ng alay sa PANGINOON sa kaukulang panahon; ang tawong yaon ay magdadala ng kaniyang kasalanan. **14** At kung ang isang taga ibaag lupa ay mangingibang-bayan sa inyo, at ipagdiwang ang paskua sa PANGINOON; ayon sa palatuntunan ng paskua, at ayon sa ayos, gayon gagawin niya: kayo'y magkaroon ng isang palatuntunan, maging sa taga ibang lupa, at maging sa ipinangunak sa lupain.

**15** At ng araw na ang tabernakulo ay itayo, ay tinakpan ng alapaap ang tabernakulo, ang dampa ng patotoo: at sa pagtatakip silim ay nasa ibabaw ng tabernakulo na parang isang hichurang apoy hangang sa kinamagahan. **16** Gayon namalagi: ang ulap ang tumatakip doon sa araw at ang hichurang apoy sa gabi. **17** At kailan pa man at ang ulap ay napaliitaa mula sa ibabaw ng Dampa, pagkatapos noon nga ay mga naglalakad ang mga anak ng Israel: at sa lugar na tigilan ng alapaap ay doon nagtatayo ng

kampamento ang mga anak ng Israel. **18** Sa utos ng PANGINOON ang mga anak ng Israel ay nagsisipaglakbay, at sa utos ng PANGINOON sila'y nagtatayo ng kampamento: kung gaano kalaon ang itigil ng alapaap sa ibabaw ng tabernakulo, siya nilang ipinananatili sa kampamento. **19** At pagka ang ulap ay tumigil sa ibabaw ng tabernakulo na maluhat, kung gayon ay iniingat ng mga anak ng Israel ang bilin ng PANGINOON at hindi naglalakbay. **20** At kung minsan ang alapaap ay nananatiling ilang araw sa ibabaw ng tabernakulo; ayon nga sa utos ng PANGINOON sila'y tumitira sa kampamento, at ayon sa utos ng PANGINOON ay sila'y naglalakbay. **21** At kung minsan ang alapaap ay nananatili mula sa hapon hangang sa kinaumagahan; at pagka ang alapaap ay tumataas sa kinaumagahan, ay sila'y naglalakbay: maging araw maging gabi, na ang alapaap ay paitaas, sila'y naglalakbay. **22** Maging dalawang araw o isang buan, o isang taon na nakatigil ang alapaap sa ibabaw ng tabernakulo, na manatili sa itabaw noon, ang mga anak ng Israel ay tumitira sa kampamento, at hindi naglalakbay: datapua't pagtaas, sila'y naglalakbay. **23** Sa utos ng PANGINOON sila'y nagtatayo ng kampamento, at sa utos ng PANGINOON sila'y naglalakbay: kanilang iniingat ang bilin ng PANGINOON, ayon sa utos ng PANGINOON sa pamamagitan ni Moises.

**10** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: **2** Gumawa ka ng dalawang pakakak na pilak; na yari sa pamukpok iyong mga gagawin: at iyong mga gagamitin sa pagtawag sa kapulungan, at sa paglilipat ng mga kampamento. **3** At pagka nga kanilang hihipan, ang boong kapulungan ay magpipisan sa iyo sa pintuan ng dampa ng kapisanan. **4** At kung kanilang hipan ang isa lamang, ang mga puno nga, ang mga pagulo sa mga libolibong taga Israel, ay magkakapisan sa iyo. **5** At paghihip ninyo ng hudiat, ang kampamento na nasa dakong silanganan ay maglalakbay. **6** At paghihip ninyo ng hudiat na ikalawa, ang kampamento na nasa dakong timugan ay magsisilakad: sila'y hihihip ng isang hudiat upang sa kanilang paglakad. **7** Datapua't pagka ang kapisanan ay magpipisan, kayo'y hihihip, nguni't huag ninyong patutunugin hudiat. **8** At ang mga anak ni Aaron, ang mga sacerdote, magsisihihip ng mga pakakak; at

magiging palatuntunan sa inyo magpakailan man sa boong panahon ng inyong lahi. **9** At pagka ialabas kayo sa pakikipagbaka sa inyong lupain laban sa kaaway na sa inyo'y pumipighati, inyo ngang patutunugin ang hudiat ng mga pakakak; at kayo'y aalalahanin sa harap ng PANGINOON inyong Dios, at hayo'y maliligta sa inyong mga kaaway. **10** Gayon din sa kaarawan ng inyong kasayahan, at sa inyong mga takdang kapistahan, at sa mga pasimula ng inyong mga buan, inyong hihipan ang mga pakakak sa ibabaw ng inyong mga handog na susunugin, at sa ibabaw ng inyong mga hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan; at mga magiging alaala sa harap ng inyong Dios: Ako ang PANGINOON inyong Dios.

**11** At nangyari sa ikalawang taon, ng ikalawang buan, ng ikadalawang puong araw ng buan, na ang alapaap ay napaitaas mula sa tabernakulo ng patotoo. **12** At ang mga anak ng Israel ay nagsisulong, ayon sa kanilang mga paglalakbay sa ilang ng Sinai; at ang alapaap ay lumapag sa ilang ng Paran. **13** At kanilang pinasimulan ang paglalakbay ayon sa utos ng PANGINOON sa pamamagitan ni Moises. **14** At usang sumulong ang bandila ng kampamento ng mga anak ni Juda ayon sa kanilang mga hukbo: at nasa kaniyang hukbo si Naason na anak ni Aminadab. **15** At nasa hukbo ng angkan ng mga anak ni Isakar, si Natanael na anak ni Zuar. **16** At nasa hukbo ng angkan ng mga anak ni Zabulon, si Eliab na anak ni Helon. **17** At ang tabernakulo ay nilansag; at ang mga anak ni Gerson at ang mga anak ni Merari, na mga may dala ng tabernakulo ay nagsisulong. **18** At ang bandila ng kampamento ng Ruben ay sumulong ayon sa kanilang mga hukbo: at sa kaniyang hukbo ay si Elizur na anak ni Sedeur. **19** At sa hukbo ng angkan ng mga anak ng Simeon si Selumiel na anak ni Zurisadai. **20** At sa hukbo ng angkan ng mga anak ni Gad, si Eliasaf na anak ni Dewel. **21** At ang mga Kostita ay nagsisulong na dala ang santuario: at itinatayo ng iba ang tabernakulo samantalang ang mga ito'y nagsisidating. **22** At ang bandila ng kampamento ng mga anak ni Efraim ay nagsisulong ayon sa kanilang mga hukbo: at sa kaniyang hukbo ay si Elisama na anak ni Amiud. **23** At sa hukbo ng angkan ng mga anak ni Manases, si Gamaliel na anak ni Pedazur.

24 At sa hukbo ng angkan ng mga anak ni Benjamin, si Abidan na anak ni Gedeoni. 25 At ang bandila ng kamento ng mga anak ni Dan na siyang mga taud sa hulihan ng labat ng kamento, nagsisulong ayon sa kanilang mga hukbo: at sa kaniyang hukbo si Ahicer na anak ni Amisedai. 26 At sa hukbo ng angkan ng mga anak ni Aser ay si Pagiel na anak ni Okran. 27 At sa hukbo ng angkan ng mga anak ni Neftali ay si Ahira na anak ni Enan. 28 Ganito ang mga paglalakbay ng mga anak ng Israel, ayon sa kanilang mga hukbo; at sila'y nagsisulong.

29 At si Moises ay nagsabi kay Hobab na anak ni Ragucl na Madianita, binaan ni Moises: Tayo'y naglalakad sa lugar na pinagsabihan ng PANGINOON: Aking ibibigay sa inyo: sumama ka sa amin at gagawan ka namin ng mabuti: sapagka't ang PANGINOON ay nagsalita ng mabuti tungkol sa Israel. 30 At siya'y nagsabi sa kaniyang: Ako'y hindi paroroon; kungdi ako'y babalik sa aking sariling lupain, at sa aking kamag-anakan. 31 At sinabi ni Moises: Huag mo kaming iwan, ipinamamanhik ko sa iyo; sapagka't nalalaman mo kung paano ng tatayo kami sa ilang, at ikaw ay maaari sa amin pinakamata. 32 At mangyayari, kung ikaw ay sasama sa amin, oo, mangyayari, na ano mang mabuting gagawin ng PANGINOON sa amin, siya rin naming gagawin sa iyo.

33 At sila'y nagsilakad mula sa bundok ng PANGINOON ng tatlong araw na paglalakbay; at ang kabun ng tipan ng PANGINOON ay nasa unahan nila ng tatlong araw nilang paglalakbay, upang ihap sila ng lugar na kanilang mapagpapahingahan. 34 At ang alapaap ng PANGINOON ay nasa itaas nila sa araw, pagka sila'y susulong mula sa kamento.

35 At nangyari pagka ang kabun ay isinusulong, na sinaabi ni Moises: Magbangon ka, Oh PANGINOON, at mangalat ang mga kaaway mo, at magsitakas sa harap mo ang mga napapoot sa iyo. 36 At pagka imilalagay ay kaniyang sinasabing: Magbalik ka, Oh PANGINOON sa mga sampueng libo ng mga libolibong taga Israel.

37 At ang bayan ay paging parang mananakap, na nagsalita ng masasama sa patinig ng PANGINOON: at ng marinig ng PANGINOON, ang kaniyang galit ay nagningas; at ang apoy ng PANGINOON

ay sumunog sa gitna nila, at sumupok sa kahulihuhilang bahagi ng kamento. 38 At ang bayan ay humibik kay Moises; at si Moises ay nanalangin sa PANGINOON at ang apoy ay namatay. 39 At ipinangalan sa lugar na yaon ay Tabera: sapagka't ang apoy ng PANGINOON ay sumunog sa gitna nila.

40 At ang balohalong karamihan na nasa gitna nila ay nahulog sa kasakiman: at ang mga anak ng Israel naman ay muling umiyak, at nagsabing: Sino ang magbibigay sa atin ng lamang makakain? 41 Ating maalaala ang isda, na ating kinakain sa Egipto: na walang bayad; ang mga kalabasa, at ang mga melon, at ang mga puerro, at ang mga sibuyas, at ang mga bawang: 6 ngunit ngayo'y ang ating kaluluwa ay natutuyo; walang kaanoanman: sa ating harapan ay walang anoman kungdi ang manang ito. 42 At ang mana ay gaya ng butil ng dilandoy, at ang hichucon ay gaya ng hichura ng perlas. 43 Ang bayan ay dumadaan sa palibot, at pinupulot yaon, at kanilang ginigiling sa mga gilingan, o kanilang dinidikdik sa mga lusog, at kanilang niluluto sa mga paliok, at yaoy ginagawang mamon nila: at ang lasa ay gaya ng lasa ng bagong langis. 44 At pagka ang lana gay nahulog sa ibabaw ng kamento sa gabi, ang mana ay nahuhulog. 45 At narinig ni Moises na iniiyakan ng bayan ang kanilang mga kasambahay, bawala't lalaki sa pintuan ng kaniyang dampa: at ang poot ng PANGINOON ay nagningas na mainam; at minasama ni Moises. 46 At sinabi ni Moises sa PANGINOON: bakit mo ginawan ng masama ang iyong alipin? at bakit hindi ako nakasumpung ng biyaya sa iyong paningin, na iyong imilagay ang pasan ng boong bayang ito sa akin? 47 Akin ba kayang ipinaghihi ang boong bayang ito? at siya'y aking ipinangalan, upang iyong sabihin sa aking: Kandungin mo sila sa iyong kandungan, gaya ng sisiwa na kinakandong ang kaniyang batang sumususo sa lupain na iyong isinumpa sa kanilang mga magulang? 48 Saan ako kukuha ng laman, upang ibigay sa lahat ng bayang ito? sapagka't sila'y umiyak sa akin, na nagsisipagsabing: Bigyan mo kami ng laman na amin makain. 49 Hindi ko kayang dalhin ang boong bayang ito na magla, sapagka't totoong mabigat sa akin. 50 At kung ginagawa mo sa aking ganito ay patayin mo ako, ipinamamanhik ko sa iyo, kung ako'y na-

kasumpong ng biyaya sa iyong paningin; at huag ko ng makita ang aking kahirapan.

**16** At sinabi ng PANGINOON kay Moises: Pisanin mo sa akin ang pitong puong lalaki sa mga matanda sa Israel, sa iyong mga nalalaman na mga matanda sa bayan at mga manunulat sa kanila; at mga dalhin mo sa dampa ng kapisanan, upang sila'y makatayo doon na kasama mo. **17** At ako'y mananaogat makikipag-usap sa iyo doon: at ako'y kukuba sa espiritu na nasa ibabaw mo, at aking ilalagay sa ibabaw nila; at kanilang dadalhin ang pasan ng bayan na kasama mo, upang huag mong dalhing mag-isa. **18** At sabihin mo sa bayang: Magpakasanto kayo sa kinabukasan, at kayo'y magsisi-kain ng laman: sapagka't kayo'y magsisiyay sa pakinig ng PANGINOON, na nagsabing: ¿Sinong magbibigay sa amin ng laman na aming makakain? sapagka't mainam sa amin na pasa Egipto: kaya't bibigyan kayo ng PANGINOON ng laman, at inyong kakanin. **19** Hindin ninyo kakaning isang araw, o dalawang araw man, o limang araw man, o sampuon araw man, o dalawang puong araw man; **20** kungdi isang boong buan, hangang sa lumabas sa inyong ilong, at inyong kasusuklaman: sapagka't inyong hinamak ang PANGINOON na nasa gitna ninyo, at kayo'y umiyak sa harap niya, na nagsabing: ¿Bakit pa kami nakaalis sa Egipto? **21** At sinabi ni Moises: Ang bayan na kinaroroonan ko ay anim na raang libong katawo na nakatayo; at iyong sinabing: Aking silang bibigyan ng laman na kanilang makakain sa boong buan. **22** ¿Papatayin ba kaya ang mga kawan at mga bakahan, upang magkasiya sa kanila? o ang lahat ng isda sa dagat ay magkakatipon para sa kanila upang magkasiya sa kanila?

**23** At ang PANGINOON ay nagsabi kay Moises. ¿Ang kamay ba ng PANGINOON ay umikli? ngayo'y makikita mo kung ang aking salita ay matutupad sa iyo o hindi. **24** At si Moises ay lumabas, at isinaysay sa bayan ang mga salita ng PANGINOON: at siya'y nagpisan ng pitong puong lalaki sa mga matanda sa bayan at kaniyang mga pinatayo sa palibot ng Dampa. **25** At ang PANGINOON'y bumaba sa alapaap, at nagsalita sa kaniya; at kumuha sa espiritu na nasa ibabaw niya, at inilagay sa ibabaw ng pitong puong matanda: at nangyari, na ng ang espiritu ay magpahinga sa ibabaw nila, sila'y

nanghula, nguni't hindi sa nila muling ginawang gayon. **26** Nguni't naiwan ang dalawang lalaki sa kampamento, na ang pangalan ng isa ay Eldad, at ang pangalan, ng isa ay Medad: at ang espiritu ay nagpahinga sa ibabaw nila; (at sila'y mga nabilang sa mga usulut, nguni't hindi nagsialis sa Dampa;) at sila'y nanghula sa kampamento. **27** At tumakbo ang isang binata, at isinaysay kay Moises, at sinabing: Si Eldad at si Medad ay nanghuhula sa kampamento. **28** At si Josue na anak ni Nun na tagapamahala ni Moises, na isa sa kaniyang mga piling lalaki, ay sumagot at nagsabing: ¿Aking panginoong Moises, pagbawalan mo sila. **29** At sinabi ni Moises sa kaniya: ¿Ikaw ba'y may paninibugho sa aking bagay? ibigin nawa ng Dios na ang boong bayan ng PANGINOON ay mga maging profeta, na ilalagay ng PANGINOON ang kaniyang espiritu sa ibabaw nila! **30** At tinipon ni Moises sa kampamento, siya at ang mga matanda sa Israel. **31** At lumabas ang isang hangng galing sa PANGINOON, at nagdala ng mga pugo na nasa sa dagat at mga pinalapag sa kampamento na may isang araw na paglalakad sa dakong ito, at isang araw na paglalakad sa kabilang dako sa palibot ng kampamento, at nagsisilipad na may dalawang siko ang taas sa balat ng lupa. **32** At ang bayan ay nangakatindig ng boong araw na yaon at ng boong gabi, at ng boong ikalawang araw, at nagsipanghuli ng mga pugo: yaong kaonti ang napisan ay nakapisan ng sampuonng homer: at kanilang ikinalat para sa kanila sa boong palibot ng kampamento. **33** Samantalang ang laman ay nasa kanilang mga ngipin pa, na hindi pa nila nangunguya, ang galit ng PANGINOON ay nagningas laban sa bayan, at sinugatan ng PANGINOON ang bayan ng isang salot na di ano lamang. **34** At ipinangalan sa lugar na yaon ay Kibrot-hataava; sapagka't doon inilibing nila ang bayang sakim. **35** Mula sa Kibrot-hataava ay nagpatuloy ang bayan na patungo sa Hazerot; at sila'y tumira sa Hazerot.

**12** At si Maria at si Aaron ay nagsalitaan laban kay Moises tungkol sa babayeng Kusita na kaniyang pinakasalan: sapagka't siya'y napakasal sa isang babayeng Kusita. **2** At kanilang sinabing: ¿Ang PANGINOON bagay kay Moises lamang nakipagsalitaan? ¿hindi бага nakipagsalitaan din naman sa atin? At narinig ng PANGINOON. **3** Ang lalaking

si Moises ay totoong maamong loob, higit kay sa lahat ng lalaki na nasa balat ng lupa. **4** At ang PANGINO'Y nagsalintang bigla kay Moises, at kay Aaron, at kay Maria: Lumabas kayong tatlo sa dampa ng kapisanan. At silang tatlo ay lumabas. **5** At ang PANGINOON ay bumaba sa isang habing alapaap, at tumayo sa pintuan ng dampa, at tinawag si Aaron at si Maria: at sila'y kapwa bumarap. **6** At kaniyang sinabing: Dingin ninyo ngayon ang aking mga salita: kung mairon sa gitna ninyo na isang profeta, akong PANGINOON ay pakikilala sa kaniya sa malikmata, sa panaginip, siya'y aking pakikipag-usapan. **7** Ang aking aliping si Moises ay hindi gayon, siya'y tapat sa aking boong bahay: **8** sa kaniya'y ako'y makikipagsalitaan sa libig, ng boong pagsasaysay, at hindi sa malibong salitaan; at ang bikas ng PANGINOON ay kaniyang mamasdan: ¶ Bakit nga hindi kayo natakot na magsalita laban sa aking alipin, laban kay Moises? **9** At ang galit ng PANGINOON ay nagningas laban sa kanila; at siya'y yumaon. **10** At ang alapaap ay lumayo sa Dampa; at, narito, si Maria ay nagka ketong na maputing gaya ng nieve: at tiningnan ni Aaron si Maria, at, narito, siya'y nagka ketong. **11** At si Aaron ay nagsabi kay Moises: ¶ Oh aking panginoon, isinasamo ko sa iyo na huag mong ibintang ang kasalanan sa amin, sapagka't ginawa namin na may kamangmangan, at sapagka't kami ay nagkasala. **12** Huag mong itulot sa kaniya, isinasamo ko sa iyo, na maging parang isang patay na tunaw ang kalahati na ng kaniyang laman paglabas sa tiyan ng kaniyang ina. **13** At humiyaw si Moises sa PANGINOON, na nagsabing: ¶ Pagalingin mo siya, oh Dios, idinalangin ko sa iyo. **14** At sinabi ng PANGINOON kay Moises: Kung siya'y niluran ng kaniyang ama sa kaniyang mukha, ¶ hindi ba siya mahihiyang pitong araw? kulungin siya sa labas ng kampo o sa pitong araw, at pagkatapos ay siya'y madalang muli sa loob. **15** At si Maria'y kinulong sa labas ng kampo o sa pitong araw: at ang bayan ay hindi naglakbay hangang si Maria ay madalang muli sa loob. **16** At pagkatapos nito ang bayan ay naglakbay mula sa Hazerot, at nag tayo ng kampo o sa ilang ng Paran.

**13** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: **2** Magsugo

ka ng mga lalaki upang kanilang tiktikan ang lupain ng Kanaan, na aking ibibigay sa mga anak ng Israel: isang lalaki sa bawat isa sa mga angkan ng kanilang mga magulang ay susuguin ninyo, na bawat isa'y, pangulo sa kanila. **3** At sinugo sila ni Moises mula sa ilang ng Paran ayon sa utos ng PANGINOON, silang lahat na mga lalaking pangulo sa mga anak ng Israel: **4** At ito ang kanilang mga pangalan: Sa angkan ni Ruben, si Sumaa na anak ni Zakur. **5** Sa angkan ni Simeon, si Safat na anak ni Hori. **6** Sa angkan ni Juda, si Kaleb na anak ni Jefune. **7** Sa angkan ni Isakur, si Igal na anak ni Jose. **8** Sa angkan ni Efraim, si Oseas na anak ni Nun. **9** Sa angkan ni Benjamin, si Palti na anak ni Rafu. **10** Sa angkan ni Zabulon, si Gaduel na anak ni Sodi. **11** Sa angkan ni Jose, sa makatwid bagay sa angkan ni Manases, si Gadi na anak ni Susi. **12** Sa angkan ni Dan, si Amiel na anak ni Gemali. **13** Sa angkan ni Aser, si Setur, na anak ni Mikael. **14** Sa angkan ni Neftali, si Naabi na anak ni Vopsi. **15** Sa angkan ni Gad, si Geuel na anak ni Maki. **16** Ito ang mga pangalan ng mga lalaki na sinugo ni Moises upang tiktikan ang lupain. At tinawag ni Moises: na Josue ang anak ni Nun na si Oseas. **17** At sinugo sila ni Moises upang tiktikan ang lupain ng Kanaan, at sinabi sa kanilang: Pumamhik kayo sa dakong ito na Timugan at umaklat kayo sa mga bundukin: **18** at tingnan ninyo ang lupain, kung ano; at ang bayan na tumatahan doon kung sila'y malakas o mahina, kung sila'y kaunti o marami; **19** at kung ano ang lupain na kanilang tinatahanan, kung nabuti o masama; at kung ano ang mga bayan na kanilang tinatahanan, kung sa mga kampo o sa mga katibayan; **20** at kung ano ang lupain, kung mataba o basal, kung mainong kahoy o wala. At magpakatampang kayo, at maglala kayo rito ng bunga ng lupain. Ngayon ang panahon ay panahon ng mga umang hinog na uvas. **21** Sila nga'y umakyat, at kanilang tiniktikan ang lupain mula sa ilang ng Zin hangang sa Rehob, sa pagpasok sa Hamat. **22** At sila'y umaklat sa dakong Timugan, at sila'y dumating sa Hebron; at si Ahiman, si Sesai at si Talmi, na mga anak ni Anak, ay nandoon. (Ang Hebron nga ay natayong pitong taon bagay ang Zoan sa Egipto.) **23** At sila'y dumating sa libis ng Eskol, at sila'y pu-

mutol doon ng isang sangang may isang kumpol na uvas, at dinala sa isang pinga ng dalawa; sila'y nagdala rin ng mga granada at mga higos. **24** Ang lugar na yaon ay tinawag na libis ng Eskol dahil sa kumpol na pinutol ng mga anak ng Israel doon. **25** At sila'y nagbalik pagkaktik ng lupain, sa katapusan ng apat na puong araw. **26** At sila'y nagsiyaon at nagsiparoon kay Moises, at kay Aaron, at sa boong kupulungan ng mga anak ni Israel, sa ilang ng Paran, sa Kades; at kanilang binalikan ng sagot sila, at ang boong kapulungan, at kanilang ipinakita sa kanila ang bunga ng lupain. **27** At kanilang isinaysay sa kanila, at sinabing: Kami ay dumating sa lupang iyong pinaroonan sa amin, at tunay na binubukalan ng gatas at pulot; at ito ang bunga noon. **28** Baga man ang bayan na tumitira sa lupaing yaon ay malakas, at ang mga ciudad ay nakukutaan, at napakalalaki: at bukod dito ay aming nakita ang mga anak ni Anak doon. **29** Ang Amalekita ay tumatahan sa lupaing Timugan: at ang Heteo, at ang Jebuseo, at ang Amorreo ay tumatahan sa mga bundukin: at ang Kananeo ay tumatahan sa tabi ng dagat, at sa mga pasigan ng Jordan. **30** At pinatahimik ni Kaleb ang bayan sa harapan ni Moises, at nagsabing: Ating akiating paminsan, at ating ariin; sapagka't maaaring ating lupigin. **31** Ngunit ang mga lalaking nagsiakyat na kasama niya ay nagsabing: Hindi tayo makaakyat laban sa bayan; sapagka't, sila'y malakas kay sa atin. **32** At sila'y nagdala ng masamang balita tungkol sa lupang kanilang tiniktikan, sa mga anak ng Israel, na nagsabing: Ang lupain na aming pinaroonan upang tiktikan ay isang lupain na kinakain ang mga tumatahan doon; at lahat ng bayan na aming nakita doon, ay mga tawong malalaki. **33** At doo'y aming nakita ang mga ligante, ang mga anak ni Anak, na mula sa mga higante: at kami sa aming sariling paningin ay naging parang mga balang, at gayon din kami sa kanilang paningin. **14** At ang boong kapulungan ay naglakas ng kanilang voces, at humiyaw; at ang bayan ay umiyak ng gabing yaon. **2** At lahat ng anak ng Israel ay tumakap laban kay Moises at laban kay Aaron: at ang boong kapulungan ay nagsabi sa kanilang: Inibig sana ng Dios na tayo'y namatay sa lupaing ng Egipto! Inibig sana ng Dios na tayo'y namatay

sa ilang na ito! **3** At bakit dinala ng PANGINOON tayo sa lupaing ito, upang tayo'y mabual sa tabak? Ang ating mga asawa at ang ating mga anak ay magiging bihag; hindi бага magaling sa atin na tayo'y magbalik sa Egipto? **4** At nagsabihan silang isa't isa: Tayo'y maglagay ng isang kapitan at tayo'y magbalik sa Egipto! **5** Ng magkagayon, si Moises at si Aaron ay nagpatirapa sa harap ng boong kapisanan ng kapulungan ng mga anak ng Israel. **6** At si Josue na anak ni Nun, at si Kaleb na anak ni Jefune, na mga kasamang tumiktik ng lupain ay hinapak ang kanilang mga suot: **7** at nagsalita sila sa boong kapulungan ng mga anak ng Israel, na sinabing: Ng lupain na aming dinaanan upang tiktikan ay isang napakainam na lupain. **8** Kung ang PANGINOON ay nalulugod sa atin, tayo'y dadalhin nga niya sa lupaing yaon, at ibibigay niya sa atin; lupaing binubukalan ng gatas at pulot. **9** Huag lamang kayong manghimagsik laban sa PANGINOON, o matakot man sa bayan ng lupaing yaon; sapagka't sila'y tinapay sa atin: ang kaniyang pagkalinga ay lumayo sa kanila, at sa ang PANGINOON ay sumasaatin: huag kayong matakot sa kanila. **10** Datapua't ang boong kapulungan ay nagtangkang pagbatuhanan sila, ng mga bato. At ang kalualhatian ng PANGINOON ay lumitaw sa dampang ng kapisanan sa lahat ng anak ng Israel.

**11** At ang PANGINOON ay nagsabi kay Moises: Hangang kailan hahamakin ako ng bayan ito? at hangang kailan hindi sila mananampalataya sa akin, kung sa bagay ang lahat ng tanda ay akin ng ginawa sa kanila? **12** Aking susugatan sila ng salot, at hindi ko sila pamanahan, at gagawin kita na isang nacion malaki at matibay kay sa kanila. **13** At si Moises ay nagsabi sa PANGINOON: Kung gayo'y maririnig ng mga taga Egipto; sapagka't isinampa mo ang bayang ito ng iyong kapangyarihan sa gitna nila; **14** at kanilang sasaysayin sa mga tumatahan sa lupaing ito: kanilang narinig na ikaw PANGINOON ay nasa gitna ng bayang ito; sapagka't ikaw PANGINOON ay napakita ng mukhaan, at ang iyong alapaap ay nakatindig sa ibabaw ng mga yaon, at ikaw ay nangunguna sa kanila, sa isang haliging alapaap sa araw, at sa isang haliging apoy sa gabi. **15** Ngayon kung iyong papatayin ang bayang ito na parang isang tawo, ang mga nacion nga na nakarinig ng

inyong kabantugan ay magsasalita, na sasabihing: **16** Sapagka't hindi madadala ng PANGINOON ang bayang ito sa lupain, na kaniyang isinumpa sa kanila, kaya't kaniyang pinatay sila sa ilang. **17** At ngayon, idinalangin ko sa iyo, na itulot mo na ang kapangyarihan ng PANGINOON ay maging malaki ayon sa inyong sinalita, na *inyong* sinabing: **18** Ang PANGINOON ay banayad sa pagkagalit at sagana sa kaawaan, na nagpapatawad ng kasam-an at ng pagsalangsang, at sa ano niang paraan ay hindi aariing walang mungang *ang may sila*; na dinadalaw ang kasam-an ng mga ama sa mga anak *hangang* sa ikatlo at ikaapat na lahi. **19** Ipatawad mo, isinasamo ko sa iyo, ang kasam-an ng bayang ito ayon sa kalakhan ng iyong kaawaan, at ayon sa iyong pagkakapatawad sa bayang ito, mula sa Egipto hangang ngayon. **20** At sinabi ng PANGINOON: Aking pinatawad ayon sa inyong salita: **21** nguni't tunay, na kung paanong ako'y nabubuhay ay gayon ang boong lupa ay mapupuno ng kalualhatian ng PANGINOON; **22** sapagka't ang lahat ng tawong yaon na nakakita ng aking kalualhatian at ng aking mga tanda, na aking ginawa sa Egipto at sa ilang, gayon ma'y tinukso ako nitong makasampung, at hindi dininig ang aking woces; **23** tunay na hindi sila makakakita ng lupain na aking isinumpa sa kanilang mga magulang, kahit sino man sa kanila na humamak sa akin ay hindi makakakita; **24** kungdi ang aking alilang si Kaleb, sapagka't siya'y nagkaroon ng ibang espiritu sa kaniya, at siya'y sumunod na lubos sa akin, siya'y aking dadalhin sa lupain na kaniyang pinaroonan; at aariin ng kaniyang binhi. **25** Ngayon ang mga Amalekita at ang mga Kananeo ay tumatahan sa libis: bukas kayo'y magbalik, at pasa ilang sa daang *patungo* sa Dagat na Mapula. **26** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises at kay Aaron, na nagsabing: **27** Hangang kailan aking *titiisin* ang masamang kapulungang ito, na mga tumatakap laban sa akin? Aking naringing ang mga takap ng mga anak ng Israel na sila'y tumatakap laban sa akin. **28** Sabihin mo sa kanilang: *!Ako'y* buhay! sabi ng PANGINOON, tunay na kung paanong sinalita ninyo sa aking mga pakinig ay gayon ang gagawin ko sa inyo: **29** ang inyong mga bangkay ay mangabubual sa ilang na ito; at yaong lahat na mga nabilang sa inyo ayon sa

inyong kabuwan ng bilang, mula sa dalawang puong taong gulang hangang sa katandatandaan, na mga tumakap laban sa akin. **30** Tunay na hindi kayo papasok sa lupain tungkol sa pinagtaasan ko ng aking kamay, upang aking patahanan sa inyo, maliban si Kaleb na anak ni Jefune, at si Josue na anak ni Nun. **31** Nguni't ang inyong mga bata, na inyong sinabing magiging bilag, sila'y aking papapasukin, at kanilang makikilala ang lupain na inyong hinamak. **32** Nguni't tungkol sa inyo, ang inyong mga bangkay ay mangabubual sa ilang na ito. **33** At ang inyong mga anak ay magiging gala sa ilang, na apat na puong taon, at kanilang dadalhin ang inyong pakikiapi, hangang sa ang inyong mga bangkay ay matunaw sa ilang. **34** Ayon sa bilang ng mga araw na inyong itiniktik sa lupain, *sa makatuid bagay* apat na puong araw, (sa baw't araw ay isang taon,) inyong dadalhin ang inyong mga kasam-an, na apat na puong taon, at inyong makikilala ang aking paghiwalay. **35** Akong PANGINOON ang nagsalita: tunay na lahat ng ito'y aking gagawin sa boong masamang kapulungang ito, na nagpipisan laban sa akin: sa ilang na ito sila'y matutunaw, at diyan sila mamamatay. **36** At ang mga lalaki na sinugo ni Moises: upang tumiktik ng lupain na nagsipagbalik, at pinatakap ang boong kapulungan laban sa kaniya sa pagdadala ng masamang balita laban sa lupain, **37** ang mga tawong yaon na nagsipagdala ng masamang balita ng lupain, ay nangamatay sa salot sa harap ng PANGINOON. **38** Nguni't si Josue na anak ni Nun, at si Kaleb na anak ni Jefune, ay naiwang buhay sa mga tawong yaon na nagsiparoorong tumiktik ng lupain. **39** At isinaysav ni Moises ang mga salitang ito sa lahat ng anak ng Israel: at ang bayan ay tumagloy na mainam. **40** At sila'y nagbangong maaga sa kinamagahan, at uumakiat sila sa taluktok ng bundok, na nagsabing: Narito kami, at kami ay aakyat sa lugar na ipinangako ng PANGINOON: sapagka't kami ay nagkasala. **41** At sinabi ni Moises: *!Bakit* sinasalangang ninyo ngayon ang utos ng PANGINOON, sa bagay ay hindi ninyo ikasusulong? **42** Huag kayong umakyat, sapagka't ang PANGINOON ay wala sa gitna ninyo, upang huag kayong masugatan sa harap ng inyong mga kaaway. **43** Sapagka't nandoon ang mga Amalekita at ang mga



Kananeo sa harap ninyo, at kayo'y mga-bubnal sa tabak: sapagka't kayo'y humiwalay sa pagsunod sa PANGINOON, kaya't ang PANGINOON ay hindi sasa inyo. **44** Nguni't sila'y nagbantang umakyat sa taluktok ng bundok: gayon ma'y ang kabang ng tipan ng PANGINOON, at si Moises ay hindi nagsilabas sa kamento. **45** Ng magkagayon ang mga Amalekita ay nanaog at ang mga Kananeo na tumatahan sa bundok na yaon, at sinugatan sila at pinagtatabak silang papanao, hangang Horma.

**15** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na sinabing: **2** Salitain mo sa mga anak ng Israel, at sabihin mo sa kanilang: Pagpasok ninyo sa lupain na inyong mga tahauan, na aking ibinigay sa inyo, **3** at maghahandog kayo ng pinaraan sa apoy sa PANGINOON ng handog na susunugin, o hayin upang tumupad ng panata, o kusang handog, o sa inyong mga takdang kapistahan, upang gawing masarap na amoy sa PANGINOON, mula sa bakahan o mula sa kawan: **4** kung gayon ang maghahandog ng kaniyang alay ay dalhin sa PANGINOON, na parang isang handog na harina, ang ikasampuong bahagi ng isang efa ng mainam na harina na hinaluan ng ikaapat na bahagi ng isang hin ng langis: **5** at ng alak na inuming handog, ang ikaapat na bahagi ng isang hin, ang iyong ihahandog na kalakip ng handog na susunugin o ng hayin, para sa bawa't cordero. **6** O para sa isang tupang lalaki, ay iyong ihahanda na pinakahandog na harina, ang dalawang ikasampuong bahagi ng isang efa ng mainam na harina na hinaluan ng ikatlong bahagi ng isang hin ng langis: **7** at para sa inuming handog ay iyong ihahandog ang ikatlong bahagi ng isang hin ng alak na pinakamasarap na amoy sa PANGINOON. **8** At pagka maghahanda ka ng isang toro na handog na susunugin, o upang hayin sa katuparan ng isang panata o upang mga handog sa PANGINOON tungkol sa kapayapaan; **9** kung gayon ay kaniyang ihahandog na kalakip ng toro ang isang handog na harina na tatlong ikasampuong bahagi ng isang efa ng mainam na harina na hinaluan ng kalahating hin ng langis. **10** At iyong ihahandog na pinakinuming handog ay kalahating hin ng alak na pinakahandog na pinaraan sa apoy, na may masarap na amoy sa PANGINOON. **11** Gayon gagawin sa bawa't toro, o sa bawa't tupang lalaki,

o sa bawa't corderong lalaki, o sa mga anak ng kambing. **12** Ayon sa bilang ng inyong ilahanda, gayon ninyo gagawin sa bawa't isa, ayon sa kanilang bilang. **13** Lahat ng kalupain ninyo ay gagawa ng mga bagay na ito sa ganitong paraan, sa paghahandog ng handog na pinaraan sa apoy, na masarap na amoy sa PANGINOON. **14** At kung ang isang taga ibang lupa ay mangibang bayang kasama ninyo, o sino mang nasa gitna ninyo sa boong panahon ng inyong lahi, at maghahandog ng handog na pinaraan sa apoy, na masarap na amoy sa PANGINOON; kung paano ang inyong ginagawa ay gayon ang kaniyang gagawin. **15** Para sa kapisanan ay magkakaroon ng isang palatuntunan sa inyo, at sa taga ibang lupa na tumatahang kasama ninyo, isang palatuntunang magpakailan man sa boong panahon ng inyong lahi: kung paano kayo, ay magiging gayon din sa taga ibang lupa sa harap ng PANGINOON. **16** Isang kautusan at isang ayos magkakaroon sa inyo, at sa taga ibang lupa na tumatahang kasama ninyo.

**17** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na sinabing: **18** Salitain mo sa mga anak ng Israel, at sabihin mo sa kanilang: Pagpasok ninyo sa lupaing aking pinagdadalhan sa inyo, **19** mangyayari nga, na pagkain ninyo ng tinapay sa lupain, ay maghahandog kayo ng isang handog na itinaas sa PANGINOON. **20** Sa pinakamagaling sa inyong harina ay maghahandog kayo ng isang mamon na pinakahandog na itinaas: kung paano ninyo ginawa ang handog na itinaas tungkol sa giikan, ay gayon ninyo itataas ito. **21** Sa pinakamagaling sa inyong harina ay magbibigay kayo sa PANGINOON ng isang handog na itinaas sa boong panahon ng inyong lahi.

**22** At pagka kayo'y nagkamali, at hindi ninyo tinupad ang lahat ng utos na ito, na sinalita ng PANGINOON kay Moises, **23** lahat ng iniutos ng PANGINOON sa inyo sa pamamagitan ng kamay ni Moises, mula sa araw na lagdaan kayo ng utos ng PANGINOON, at sa haharapin sa boong panahon ng inyong lahi; **24** mangyayari nga kung magkasala na walong malay, na hindi nalalaman ng kapulungan, na ang boong kapulungan ay maghahandog ng isang guyang toro na pinakahandog na susunugin, na masarap na amoy sa PANGINOON, na kalakip ng handog na harina at inuming handog ayon sa ayos, at isang lalaking kambing na pi-

nakahandog dahil sa kasalanan. **25** At itutubos ng sacerdote sa boong kapulungan ng mga anak ng Israel, at sila'y patatawarin; sapagka't isang kamalian, at dahil dito'y kanilang dinala ang kanilang alay, na handog sa PANGINOON na pinaaraan sa apoy, at ang kanilang handog dahil sa kasalanan sa harap ng PANGINOON, dahil sa kanilang kamalian: **26** at ang boong kapulungan ng mga anak ng Israel ay patatawarin, at ang taga ibang lupa na tumatahang kasama nila; sapagka't tungkol sa boong hayang nakagawang walang malay. **27** At kung ang isang tawo ay nagkasalang walang malay, siya'y maghahandog nga ng isang kambing na babaye ng unang taon na pinakahandog dahil sa kasalanan. **28** At itutubos ng sacerdote sa tawong nagkamali, kung tunay na siya'y nagkasalang walang malay sa harap ng PANGINOON, upang itubos sa kaniya; at siya'y patatawarin. **29** Kayo'y magkakaroon ng isang kautusan sa kaniya na nagkasalang walang malay, sa kaniya na ipinanganak sa gitna ng mga anak ng Israel, at sa taga ibang lupa na naningibang bayan sa gitna nila. **30** Ngunit ang tawo na makagawa ng ano man ng boong kapangalasan, maging kalahi o taga ibang lupa, ang tawong yaon ay manlalait sa PANGINOON; at ang tawong yaon ay ihilhiwalay sa gitna ng kaniyang bayan. **31** Sapagka't kaniyang hinamak ang salita ng PANGINOON, at kaniyang sinalangang ang kaniyang utos; ang tawong yaon ay lubos na ihilhiwalay, ang kaniyang kasamian ay sasa kaniya.

**32** At samantalang ang mga anak ng Israel ay nangasa ilang, sila'y nakasumpung ng isang lalaki na namumulet ng kahoy sa araw ng sabado. **33** At silang nakasumpung sa kaniya na namumulet ng kahoy, ay dinala siya kay Moises, at kay Aaron, at sa boong kapulungan. **34** At kanilang inilagay siya sa bilangguan, sapagka't hindi pa ipinahahayag kung ano ang gagawin sa kaniya. **35** At ang PANGINOON ay nagsabi kay Moises: Ang lalaki ay walang pagsalang papatayin: babatuhin siya ng boong kapulungan sa labas ng kampo. **36** At inilabas siya ng boong kapulungan sa kampo at kanilang binato siya ng mga bato, at siya'y namatay; gaya ng iniluto ng PANGINOON kay Moises.

**37** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: **38** Salitain mo sa mga anak ng Israel, at sabihin mo

sa kanila na sila'y gumawa ng mga tirintang sa mga laylayan ng kanilang mga suot sa boong panahon ng kanilang lahi, at kanilang patungan ang tirintas ng bawat laylayan ng isang panaling azul: **39** at sa inyo'y magiging isang tirintas, upang inyong mamasdan, at inyong maalaala ang lahat ng utos ng PANGINOON, at inyong mga tuparin; at upang huag kayong sumunod sa inyong sariling puso at sa inyong sariling mga mata, na siya ninyong ipinang-aapid: **40** upang inyong maalaala ato at inyong gawin ang lahat ng aking mga utos, at maging santo kayo sa inyong Dios. **41** Ako ang PANGINOON, inyong Dios, na kumuha sa inyo sa lupain ng Egipto, upang maging inyong Dios: Ako ang PANGINOON, inyong Dios.

**16** Si Kore nga na anak ni Izar, na anak ni Koat, na anak ni Levi na kasama ni Daten at si Abiram mga anak ni Eliab, at si On na anak ni Pelet, na mga anak ni Ruben, ay nagsikuha ng mga tawo: **2** at sila'y nagtinding sa harap ni Moises, na kasama ng mga anak ng Israel, na dalawang daan at limang puong pangulo sa kapulungan na mga tirawag sa kapisanan, na mga lalaking bantog: **3** at sila'y nagpipisan laban kay Moises at laban kay Aaron, at sinabi nila sa kanilang: Kayo'y kumuha ng malabis sa inyo, sa bagay ang boong kapulungan ay santo, bawat isa sa kanila, at ang PANGINOON ay nasa gitna nila: bakit nga kayo'y magmamapuri ng higit sa kapisanan ng PANGINOON? **4** At ng marinig ni Moises, siya'y nagpatirapa: **5** at siya'y nagsalita kay Kore at sa kaniyang boong kawal, na nagsabing: Sa kinanmagahan ay ipakikilala ng PANGINOON kung sino ang kaniya, at kung sino ang santo, at kung sino ang palalapitin niya sa kaniya: ang kaniyang piliin nga ay siyang kaniyang palalapitin sa kaniya. **6** Ito'y inyong gawin; kumuha kayo ng mga pangsuob, Kore at boong kaniyang kawal; **7** at lagyan ninyo ng apoy at patungan ninyo ng kamanyan sa harap ng PANGINOON bukas: at mangyayari na ang tawo na piliin ng PANGINOON, ay siyang santo: kayo'y nagmamapuri ng malabis, oh mga anak ni Levi. **8** At si Moises ay nagsabi kay Kore: Dingin ninyo ngayon mga anak ni Levi: **9** Minumunting bagay pa bago ninyo na kayo'y ihilhiwalay ng Dios ni Israel sa kapulungan ng Israel, upang ilapit niya

kayo sa kaniya; upang gawin ninyo ang paglilingkod sa tabernakulo ng PANGINOON, at upang kayo'y tumayo sa harap ng kapulungan na mamahala sa kanila; 10 at yaong naglapit sa iyo at sa lahat ng iyong kapatid na mga anak ni Levi na kasama mo? ; at hangarin mo ang pagkasacerdote naman? 11 Kaya't ikaw at ang iyong boong kawal ay nagpipisan laban sa PANGINOON: at si Aaron, ¿ano nga siya upang kayo'y tumakap laban sa kaniya? 12 At ipinasugo ni Moises si Datán at si Abiram, na mga anak ni Eliab: at kanilang sinabing: ¡Hindi kami aakyat: 13 ¿munting bagay pa ba na kami ay iyong pinaakyat sa isang lupain na binubukalan ng gatas at pulot, upang kami ay patayin sa ilang, nguni't nararapat mo bang kailanganing magpakapangulo sa amin? 14 Bukod dito'y hindi mo kami dinala sa isang lupain na binubukalan ng gatas at pulot, o binigyan mo man kami ng maang bukid at mga uvasan: ¿dudukitin mo baga ang mga mata ng mga tawong ito? hindi kami aakyat. 15 At si Moises ay nag-init na mainam, at nagsabi sa PANGINOON: Huag mong pagpitan ang kanilang handog. Ako'y hindi kumuha ng isang asno sa kanila, o ako'y gumawa man ng masama sa kanino man sa kanila. 16 At sinabi ni Moises kay Kore: Humarap ka at ang iyong boong kapulungan sa PANGINOON, ikaw, at sila, at si Aaron, bukas: 17 at kumuha ang bawa't isa ng kaniyang pangsuob, at lagyan ninyo ng kamanyan, at dalhin ninyo sa harap ng PANGINOON, ng bawa't isa ang kaniyang pangsuob; dalawang daan at limang puong pangsuob; ikaw at si Aaron, bawa't isa sa inyo ang kaniyang pangsuob. 18 At kinuha ng bawa't isa ang kaniyang pangsuob, at kanilang nilagyan ng apoy at kanilang pinatungan ng kamanyan, at sila'y tumayo sa pintuan ng dampa ng kapisanan na kasama ni Moises at ni Aaron. 19 At pinisan ni Kore ang boong kapulungan laban sa kanila sa pintuan ng dampa ng kapisanan: at ang kalualhatian ng PANGINOON ay lumitaw sa boong kapulungan.

20 At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises at kay Aaron, na sinabing: 21 Humiwalay kayo sa gitna ng kapulungang ito, upang aking malipol sila sa isang sandali. 22 At sila'y nagpatirapa, at nagsabing: Oh Dios, na Dios ng mga espiritu ng lahat ng laman ¿sa pagkakasala

ng isang tawo ay magagalit ka sa boong kapulungan? 23 At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: 24 Salitain mo sa kapulungan na iyong sabihing: Magsisama kayo sa palibot ng tabernakulo ni Kore, ni Datán, at ni Abiram. 25 At si Moises ay nagbangon at naparoon kay Datán at kay Abiram; at ang mga matanda sa Israel ay sumunod sa kaniya. 26 At si Moises ay nagsalita sa kapulungan, na nagsabing: Magsilayo kayo, isinasamo ko sa inyo, sa mga dampa ng masasamang tawong ito, at huag kayong humipog ng ano mang bagay nila, baka kayo'y mamatay sa lahat nilang kasalanan. 27 Gayon sila nagsisampa sa mga tahanan ni Kore, ni Datán, at ni Abiram sa lahat ng dako: at si Datán at si Abiram ay nagsilabas, at nagsitayo sa pintuan ng kanilang mga dampa, at ang kanilang mga asawa, at ang kanilang mga anak, at ang kanilang mga bata. 28 At sinabi ni Moises: Dito ninyo makikilala na ako'y inutusan ng PANGINOON na gawin ang lahat ng mga akwang ito, sapagka't hindi kinatha ng aking sariling pag-iisip. 29 Kung ang mga tawong ito ay mgamatay sa karaniwang kamatayan ng lahat ng tawo, o kung sila'y dalawin ayon sa karaniwang pagdalaw sa lahat ng tawo; kung gayon ay hindi ako sinugo ng PANGINOON. 30 Nguni't kung ang PANGINOON ay lumikha ng isang bagong bagay, na ano pa't ibuka ng lupa ang kaniyang bibig, at sila'y lamunin, sampuo ng boong nauukol sa kanila, at sila'y ibabang mga buhay sa kalalimlalaman; kung gayon ay inyong mapagkikilala na ang mga tawong ito ay hinamak ang PANGINOON. 31 At nangyari, na pagkatapos na masalita niya ang lahat ng salitang ito, na ang lupa na nasa ilalim nila ay bumuka: 32 at ibinuka ng lupa ang kaniyang bibig at nilamon sila, at ang kanilang mga kasambahay, at ang lahat ng lalaki na nauukol kay Kore, at lahat ng kanilang pag-aari. 33 Na ano pa't sila at lahat ng nauukol sa kanila, nababang buhay sa kalalimlalaman: at sila'y pinagtukuman ng lupa, at sila'y nalipol sa gitna ng kapisanan. 34 At ang boong Israel na nasa palibot nila ay tumakas sa hiyaw nila: sapagka't kanilang sinabing: Baka lamunin naman ng lupa tayo. 35 At apoy ang lumabas na mula sa PANGINOON, at nilamon ang dalawang daan at limang lalaki na naghandog ng kamanyan.

36 At ang PANGINOON ay nagsalita kay

Moises, na nagsabing: **37** Salitain mo kay Eleazar na anak ni Aaron na sacerdote, upang kaniyang kunin ang mga pangsuob sa sunog, at magkalat ng apoy doon; sapagka't sila'y santo; **38** ang mga pangsuob ng mga makasalanang ito laban sa kanilang sariling buhay, at gumawa ka sa kanila ng mga pingang pinalapad upang pantakip sa altar: (sapagka't kanilang inihandog sa harap ng PANGINOON, kaya't mga santo;) at mga maginging isang tanda sa mga anak ng Israel. **39** At kinuha ni Eleazar na sacerdote ang mga tansong pangsuob na mga inihandog ng mga nasunog; at kanilang mga inunat upang takip sa altar: **40** na pinakasalala sa mga anak ng Israel, upang sino mang ibang tawo na hindi sa binli ni Aaron ay huag lumapit na magsunog ng kamanyan sa harap ng PANGINOON; upang huag maging gaya ni Kore at ng kaniyang mga kawal: gaya ng sinalita ng PANGINOON sa kaniya sa pamamagitan ni Moises.

**41** Datapua't ng kinabukasan ang boong kapulungan ng mga anak ng Israel ay tumakap laban kay Moises at laban kay Aaron, na nagsabing: Inyong pinatay ang bayan ng PANGINOON. **42** At nangyari, ng ang kapulungan ay magpipisan laban kay Moises at laban kay Aaron, na sila'y tumingin sa dako ng dampa ng kapisanan: at, narito, tinakpan ng abupaap, at ang kaulathatian ng PANGINOON ay lumitaw. **43** At si Moises at si Aaron ay naparoon sa tapat ng dampa ng kapisanan. **44** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: **45** Lumayo kayo sa gitna ng kapulungang ito, upang aking lipulin sila sa isang sandali. At sila'y, nagpatirapa. **46** At sinabi ni Moises kay Aarong: Kunin mo ang iyong pangsuob, at lagyan mo ng apoy sa itaas ng altar, at lagyan mo ng kamanyan, at dalhin mong madali sa kapulungan, at itobos mo sa kanila: sapagka't may galit na lumabas sa harap ng PANGINOON; ang salot ay nagpapasimula na. **47** At kinuha ni Aaron gaya ng sinalita ni Moises, at siya'y tumakbo sa gitna ng kapisanan; at, narito, ang salot ay nagpasiimula sa gitna ng bayan: at siya'y naglagay ng kamanyan at itimbos sa bayan. **48** At siya'y, tumayo sa gitna ng mga patay at mga buhay; at ang salot ay tumigil. **49** Ang mga namatay nga sa salot ay labing-apat na libo at pitong daan, buked pa yaong mga namatay dahil kay Kore. **50** At si

Aaron ay nagbalik kay Moises sa pintuan ng dampa ng kapisanan: at ang salot ay tumigil.

**17** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: **2** Salitain mo sa mga anak ng Israel, at kumuha ka sa kanila ng mga tungkod, isa sa bawat bahay ng mga magulang; sa lahat nilang pangulo ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, labing dalawang tungkod: isulat mo ang pangalan ng bawat isa sa kaniyang tungkod. **3** At isusulat mo ang pangalan ni Aaron sa tungkod ni Levi: sapagka't isa lamang tungkod magkakaroon sa bawat pangulo sa mga bahay ng kanilang mga magulang. **4** At iyong mga ilalagay sa dampa ng kapisanan sa harap ng *laban ng patotoo*, na aking pinakikipagkitaan sa inyo. **5** At mangyayari, ang lalaking aking pipilin, ang kaniyang tungkod ay mamumulaklak: at aking ipatitigil sa akin, ang mga pagtakap ng mga anak ng Israel, na kanilang itinatakap laban sa inyo. **6** At si Moises ay nagsalita sa mga anak ng Israel, at ang lahat nilang pangulo ay nagbigay sa kaniya ng mga tungkod, bawat pangulo ay isa, ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, labing dalawang tungkod: at ang tungkod ni Aaron ay usa gitna ng kanilang mga tungkod. **7** At inilagay ni Moises ang mga tungkod sa harap ng PANGINOON sa dampa ng *patotoo*; **8** At nangyari ng kinabukasan, na si Moises ay pumasok sa dampa ng *patotoo*; at narito, ang tungkod ni Aaron sa ganang bahay ni Levi ay namulaklak at nagkaroon ng mga buko, at namulaklak at namungga ng mga hinog na almendras. **9** At inilabas ni Moises ang lahat ng tungkod sa harap ng PANGINOON, sa lahat ng mga anak ng Israel: at kanilang pinagmulas, at kinuha ng bawat lalaki ang kaniyang tungkod. **10** At ang PANGINOON ay nagsabi kay Moises: Balik mo ang tungkod ni Aaron sa harap ng *patotoo*, upang ingatang pinakatanda laban sa mga anak ng panghihimagsik; na iyong tatapusin ang kanilang mga pagtakap laban sa akin, upang huag silang mamatay. **11** Gayon ginawa ni Moises: kung paano iniutos ng PANGINOON sa kaniya, gayon ginawa niya. **12** At ang mga anak ng Israel ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: Narito, kami ay namatay, kami ay napahamak, kaming lahat ay napahamak. **13** Lahat ng lumalagit, na lumalagit sa tabernakulo

ng PANGINOON, ay namamatay: kami bang lahat ay malilipol?

**18** At sinabi ng PANGINOON kay Aaron: Ikaw at ang iyong mga anak at ang bahay ng iyong mga magulang na kasama mo ay magpapasan ng kasam-an ng santuario: at ikaw at ang iyong mga anak na kasama mo, ay magpapasan ng kasam-an ng inyong pagkasacerdote. **2** At ang iyong mga kapatid naman, ang angk-an ni Levi, ang angk-an ng iyong ama, iyong mga palalapitin na kasama, upang sila'y lumakip sa iyo, at tumulong sa iyo: nguni't ikaw at ang iyong mga anak na kasama mo, ay lagay sa harap ng dampa ng patotoo. **3** At kanilang iingatan ang iyong katungkulan, at ang katungkulan sa boong Dampa: huag lamang silang lalapit sa mga kasangkapan sa santuario o sa altar man, upang huag silang mamatay, maging sila, maging kayo. **4** At sila'y lalakip sa inyo, at mag-iingat ng katungkulan sa dampa ng kapisanan, sa boong paglilingkod sa Dampa: at sino mang taga ibang lupa ay huag lalapit sa inyo. **5** At inyong iigatan ang katungkulan sa santuario, at ang katungkulan sa altar; upang huag ng magkaroon pa ng kagaitan sa mga anak ng Israel. **6** At ako, narito, aking kinuha ang inyong mga kapatid na mga Levita sa gitna ng mga anak ng Israel: sa inyo sila ay isang kaloob, na bigay sa PANGINOON, upang gawin ang paglilingkod sa dampa ng kapisanan. **7** At ikaw at ang iyong mga anak na kasama mo, ay iingatan ninyo ang inyong pagkasacerdote sa bawat bagay sa altar, at doon sa nasa loob ng lambong; at kayo'y maglilingkod: aking ibinigay sa inyo ang pagkasacerdote na parang isang paglilingkod na kaloob: at ang ibang tawo na lumapit ay papatayin.

**8** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Aaron: at ako'y narito, aking ibinigay sa iyo ang katungkulan sa aking mga handog na itinaas, lahat ng mga santong bagay sa mga anak ng Israel, sa iyo ay aking mga ibinigay, dahil sa pagpapahid, at sa iyong mga anak na marapat na bahagi ninyo, magpakailan man. **9** Ito'y magiging iyo sa mga pinakasantong bagay, na hindi pinaraan sa apoy: hawa't alay nila, bawa't handog na harina nila, at bawa't handog nila dahil sa kasalanan, at bawa't handog nila dahil sa pagkakasala na kanilang ihahandog sa akin, ay magiging pinakasanto sa iyo at sa iyong mga

anak. **10** At sa paraan na mga pinakasantong bagay iyong kakanin: bawa't lalaki ay kakain noon; magiging santo sa iyo. **11** At ito ay iyo; ang handog na itinaas na kanilang kaloob, lahat ng mga handog na inalog ng mga anak ng Israel: aking mga ibinigay sa iyo, at sa iyong mga anak na lalaki at babaye na kasama mo na marapat na bahagi magpakailan man: lahat ng tawong malinis sa iyong bahay ay kakain noon. **12** Lahat ng pinakamainam sa langis, at lahat ng pinakamainam sa alak, at sa trigo, ang mga pinakaunang bunga ng mga yaon na kanilang ibinigay sa PANGINOON, sa iyo'y aking mga ibinigay. **13** Ang mga unang linog na bunga ng lahat na nasa kanilang lupain, na kanilang dinadala sa PANGINOON, ay magiging iyo; lahat ng malinis sa iyong bahay ay kakain noon. **14** Lahat ng bagay na talaga sa Israel ay magiging iyo. **15** Lahat ng bagay na nagbubukas ng bahay-bata, sa lahat ng laman na kanilang inihahandog sa PANGINOON, sa mga tawo at gayon din sa mga hayop, ay magiging iyo: gayon man ang panganay sa tawo ay tunay na iyong tutubusin, at ang panganay sa maruruming hayop ay iyong tutubusin. **16** At yaong mga matutubos sa kanila, mula sa isang buang gulang ay iyong tutubusin, ayon sa iyong taya, ng limang siklong pilak, ayon sa siklo ng santuario (na dalawang puong gera). **17** Nguni't ang panganay ng baka, o ang panganay ng tupa, o ang panganay ng kambing ay huag mong tutubusin; sila ay santo: iyong iwiwisik ang kanilang dugo sa ibabaw ng altar, at iyong susunugin ang kanilang taba na pinakahandog na pinaraan sa apoy na masarap na amoy sa PANGINOON. **18** At ang laman nila ay magiging iyo, gaya ng dibdib na inalog at gaya ng kanang hita ay magiging iyo. **19** Lahat ng handog na itinaas sa mga santong bagay na ihahandog ng mga anak ng Israel sa PANGINOON, ay aking mga ibinigay sa iyo, at sa iyong mga anak na lalaki at babaye na kasama mo, na marapat na bahagi magpakailan man: tipan ng asin magpakailan man sa harap ng PANGINOON, sa iyo, at sa iyong binhi na kasama mo. **20** At ang PANGINOON ay nagsabi kay Aaron: Huag kang magkakaroon ng mana sa kanilang lupain, o magkakaroon ka man ng ano mang bahagi sa gitna nila: ako ang iyong bahagi at ang iyong mana sa gitna ng mga anak ng Israel.

**21** At sa mga anak anak ni Levi, narito, aking ibinigay ang lahat ng ikasampung bahagi sa Israel na pinakamana, na ganti sa kanilang paglilingkod na kanilang ipinaglilingkod, ang paglilingkod sa dampa ng kapisanan. **22** At sa haharapin ang mga anak ng Israel ay huag lalapit sa dampa ng kapisanan, baka sila'y magkarsala, at mamatay. **23** Ngunit gagawin ang paglilingkod sa dampa ng kapisanan ng mga Levita, at kanilang dadalhin ang kanilang kasamang magiging palatuntunan magpakailan man sa buong panahon ng inyong lahi, at sa gitna ng mga anak ng Israel ay hindi sila magkakaroon ng mana. **24** Sapagka't ang mga ikasampung bahagi ng mga anak ng Israel na kanilang ihahandog na pinakahandog na itinaas sa PANGINOON, ay aking ibinigay sa mga Levita na pinakamana: kaya't aking sinabi sa kanilang: Sa gitna ng mga anak ng Israel ay hindi sila magkakaroon ng mana.

**25** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: **26** Bukod dito'y iyong sasalitain sa mga Levita, at sasabihin mo sa kanilang: Pagkuha ninyo sa mga anak ng Israel ng ikasampung bahagi na aking ibinigay sa inyo sa ganang kanila na inyong pinakamana, inyong ihahandog nga na pinakahandog na itinaas sa PANGINOON, ang ikasampung bahagi ng ikasampung bahagi. **27** At ang iyong handog na itinaas ay kikilalanin sa inyo, gaya ng butil ng giikan at ng kasaganaan ng gilingan ng uvas. **28** Ganito rin kayo maghahandog ng handog na itinaas sa PANGINOON sa inyong boong ikasampung bahagi, na inyong tinatangap sa mga anak ng Israel; at ganito ibibigay ninyo ang handog na itinaas sa PANGINOON kay Aaron na sacerdote. **29** Sa lahat ng inyong natanggap na kaloob ay inyong ihahandog ang bawat handog na itinaas sa PANGINOON, ang lahat ng paka-kamainam noon, ang santong bahagi noon. **30** Kaya't iyong sasabihin sa kanilang: Pagka inyong naitaas ang pinakamainam sa handog, ay ibibilang nga sa mga Levita, gaya ng bunga ng giikan, at gaya ng pakinabang ng gilingan ng uvas. **31** At inyong kakanin saan saan man, ninyo at ng inyong mga kasambahay: sapagka't inyong kabayaran, na ganti sa inyong paglilingkod sa dampa ng kapisanan. **32** At hindi kayo magpaparaan ng kasalanan dahil dito, pagka inyong naitaas ang pinakamainam sa mga yaon: at huag

ninyong lalapastanganin ang mga santong bagay ng mga anak ng Israel, upang huag kayong mamatay.

**19** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises at kay Aaron, na nagsabing: **2** Ito ang palatuntunan ng kautusan na inilagda ng PANGINOON, na sinabing: Salitain mo sa mga anak ng Israel, na sila'y magdala sa iyo ng isang mapulang guyang baka, na walang kapintasan, na walang dungis, na hindi pa napapatungan ng panatok: **3** at ibibigay ninyo kay Eleazar na sacerdote, at kaniyang ilalabas sa kampamento, at papatayin ng isa sa kaniyang harapan: **4** At si Eleazar na sacerdote ay kukuha ng kaniyang daliri ng dugo, at magwisisik ng dugo sa harap ng dampa ng kapisanan na nakapito: **5** at susunugin ng isa sa pangingin niya ang guyang baka, ang balat noon at ang laman noon, at ang dugo noon, sampuo ng dumi noon, ay mga susunugin niya: **6** at ang sacerdote ay kukuha ng kahoy na cedro, at ng hisopo, at ng kundiman, at ilahagis sa gitna ng sunog ng guyang baka. **7** Kung gayon ay ilalaba ng sacerdote ang kaniyang mga suot at kaniyang paliliguan ang kaniyang laman sa tubig, at pagkatapos siya'y papasok sa tatsayan, at ang sacerdote ay magiging marumi hangang hapon. **8** At yaong sumunog sa baka ay maglalaba ng kaniyang mga suot sa tubig at kaniyang paliliguan ang kaniyang laman sa tubig, at magiging marumi hangang sa hapon. **9** At pupulatin ng isang tawong malinis ang mga abo ng guyang baka, at ilalagay sa labas ng kampamento sa isang lugar na malinis; at iingat na para sa kapuluhan ng mga anak ng Israel, upang maghanda ng mga tubig na panghiwalay: handog nga dahil sa kasalanan. **10** At yaong pumulot ng mga abo ng guyang baka ay maglalaba ng kaniyang mga suot, at magiging marumi hangang hapon: at sa mga anak ng Israel at sa taga ibang lupa na nangingibang bayan sa gitna nila, ay magiging isang palatuntunan magpakailan man. **11** Ang humipo ng bangkay ng sino mang tawo, ay magiging marumi sa ikitlong araw: **12** ang guyon ay maglilibis sa pamamagitan ng tubig na yaon sa ikitlong araw, at sa ikitlong araw ay magiging malinis: ngunit kung siya'y hindi maginis sa ikitlong araw, sa ikitlong araw nga siya'y hindi magiging malinis. **13** Sino mang humipo ng bang-

kay ng sino mang tawong patay at hindi maglinis, inihawa ang tabernakulo ng PANGINOON; at ang tawong yaon ay ibihihalay sa Israel; sapagka't ang tubig na panghiwalay ay hindi iniwisik sa kaniya, siya'y magiging marumi; ang kaniyang karumihan ay sumasakaniya pa. **14** Ito ang kautusan pagka ang isang tawo ay namamatay sa isang dampa: lahat na pumapasok sa dampa at lahat na nasa dampa, ay maging maruming pitong araw. **15** At bawat sisidlang bukas na walang takip na nakatali doon, ay marumi. **16** At sino mang umupo sa lual na parang sa alin mang pinatay ng tabak, o sa bangkay, o sa buto ng tawo, o sa libingan, magiging maruming pitong araw. **17** At sa tawong marumi, sila'y kukuha ng mga abo sa sunog niyang handog dahil sa kasalanan, at kanilang ilalagay sa tubig na buhay sa isang sisidlan: **18** at isang malinis na tawo ay kukuha ng hisopo, at babasain sa tubig at iwiwisik sa dampa at sa lahat ng kasangkapan, at sa mga tawo na nandoon, at doon sa humipo sa buto, o sa bangkay, o sa patay, o sa libingan: **19** at iwiwisik ng tawong malinis sa marumi sa ikatlong araw, at sa ikapitong araw ay siya'y lilinisin; at siya'y maglalaba ng kaniyang mga suot, at siya'y maliligo sa tubig at magiging malinis sa hapon. **20** Ngunit ang tawong magiging marumi, at hindi maglilinis, ang tawong yaon ay ibihihalay sa gitna ng kapisanan, sapagka't kaniyang inihawa ang santuario ng PANGINOON: ang tubig ng panghiwalay ay hindi nawisik sa kaniya; siya'y marumi. **21** At ito'y magiging isang palatuntunan magpakailan man sa kanila: at yaong nagwiwisik ng tubig ng panghiwalay, ay maglalaba ng kaniyang mga suot; at yaong humipo ng tubig ng panghiwalay ay magiging marumi hangang sa hapon. **22** At aliu mang hipuin ng tawong marumi ay magiging marumi; at ang tawong humipo ay magiging marumi hangang hapon.

**20** At ang mga anak ng Israel, ang boong kapulungan ay nagsipasok sa ilang ng Zin ng unang buan: at ang bayan ay tumahan sa Kades; at si Maria ay namatay doon. **2** At walang tubig para sa kapulungan; at sila'y nagpipisan laban kay Moises at lahan kay Aaron. **3** At hinamok ng bayan si Moises, at nagsipagsalita, na nagsabing: Inibig sana ng Dios na kami ay nangamatay, ng

ang aming mga kapatid ay namatay sa harap ng PANGINOON! **4** At bakit ninyo dinala ang kapisanan ng PANGINOON sa ilang na ito, upang mamatay diyan, kami at ang aming mga hayop? **5** At bakit ninyo kami pinaakyat mula sa Egipto, upang dalhin kami dito sa masamang lugar? hindi lugar na bukirin, o ng higos, o ng uvasan, o ng mga granada; at wala kahi't tubig na mainom. **6** At si Moises at si Aaron ay umalis sa harap ng kapisanan at napasa pintuan ng dampa ng kapisanan, at nangagpatirapa: at ang kalualhatian ng PANGINOON ay lumitaw sa kanila. **7** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing. **8** Hawakan mo ang tungkod, at pisanin mo ang kapulungan, mo, at ni Aaron iyong kapatid, at salitain mo sa bato sa harap ng kanilang mga mata, na ibibigay niya ang kaniyang tubig; at ikukuha mo sila ng tubig sa bato: sa ganito pailuamin mo ang kapulungan at ang kanilang mga hayop. **9** At kinuha ni Moises ang tungkod sa harap ng PANGINOON, gaya ng inutos sa kaniya. **10** At pinisan ni Moises at ni Aaron ang kapulungan sa harap ng bato, at kaniyang sinabi sa kanilang: Dingin ninyo ngayon, mga mapanghimagsik; ikukuha ba namin kayo ng tubig sa batong ito? **11** At itinaas ni Moises ang kaniyang kamay, at tinumbok ang bato ng kaniyang tungkod na makalawa: at ang tubig ay lumabas na sagana, at ang kapulungan ay uminom at ang kanilang mga hayop. **12** At ang PANGINOON ay nagsabi kay Moises at kay Aaron: Sapagka't hindi kayo sumampalataya sa akin upang santihin ninyo ako sa mga mata ng mga anak ng Israel, kaya't hindi ninyo dadalhin ang kapisanang ito sa lupain na aking ibinigay sa kanila. **13** Ito ang mga tubig ng Meriba; sapagka't hinamok ng mga anak ng Israel ang PANGINOON at siya'y sinanto sa kanila.

**14** At si Moises ay nagpadala ng mga sugo sa hari sa Edom mula sa Kades, na pinasabing: Ganito ang sabi ng iyong kapatid na Israel: Talastas mo ang boong kahirapan na dumating sa amin: **15** kung paano ang aming mga magulang ay bumaba sa Egipto, at kami ay tumahan sa Egipto na malaong panahon; at inaliposta ng mga taga Egipto kami at ang aming mga magulang: **16** at ng kami ay dumang sa PANGINOON ay dininig niya ang aming voces, at nagsugo siya ng isang angel, at inilabas kami sa Egipto:

at, narito, kami ay nasa Kades, isang ciudad na nasa tatapus-an ng iyong hangganan: **17** paraanin mo kami, isina-amo ko sa iyo, sa iyong lupain: hindi kami dadaan sa kabukiran o sa uvasan, at di kami iinom man ng tubig sa mga batis: kami ay yayaong patuloy sa daan ng hari, hindi kami liliko sa dakong kanan o sa dakong kaliwa man hangang sa maraanan namin ang iyong hangganan. **18** At sinabi ni Edom sa kaniyang: Huag kang magdaan sa aking lupain, baka ako'y sumalubong na may tabak laban sa iyo. **19** At ang mga anak ng Israel ay nagsabi sa kaniyang: Kami ay aakyat sa malalang na lungsangan: at kung kami ay uminom ng iyong tubig, ako at ang aking mga hayop, ako'y magbayad ng halaga: pahintulutan mo lamang ako na makaraan ng aking mga paa na walang ano man. **20** At kaniyang sinabing: Huag kang dadaan. At si Edom ay lumaba-silaban sa kaniya na may dalang maraning tawo, at may matibay na kamay. **21** Sa ganito'y tumanging pahintulutan ang Israel na makaraan sa kaniyang hangganan: kayat ang Israel ay lumayo sa kaniya.

**22** At sila'y naglakbay mula sa Kades: at ang mga anak ng Israel, ang boong kapulungan, napasa bundok ng Her. **23** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises at kay Aaron sa bundok ng Her, sa tabi ng hangganan ng lupain ng Edom, na nagsabing: **24** Si Aaron ay malalakip sa kaniyang bayan: sapagka't siya'y hindi makapapasok sa lupain na aking ibinigay sa mga anak ng Israel, sapagka't kayo'y nagsipanghimagsik laban sa aking salita sa mga tubig ng Merila. **25** Dalhin mo si Aaron at si Eleazar na kaniyang anak, at isaakyat mo sila sa bundok ng Her. **26** At hubaran mo si Aaron ng kaniyang mga suot at mga isuot mo kay Eleazar na kaniyang anak: at si Aaron ay malalakip sa kaniyang bayan, at doon siya mamamatay. **27** At ginawa ni Moises gaya ng inutes ng PANGINOON: at sila'y umakyat sa bundok ng Her sa paningin ng boong kapulungan. **28** At hinubaran ni Moises si Aaron ng kaniyang mga suot, at mga isinoot kay Eleazar na kaniyang anak; at namatay si Aaron doon sa taluktok ng bundok: at si Moises at si Eleazar ay bumada sa bundok. **29** At ng makita ng boong kapulungan na si Aaron ay namatay, kanilang iniyakan si Aaron na tatlong puong araw, ang boong lahay ng Israel.

**21** At ang Kananeo, ang hari sa Arad, na tumatahan sa Timugan nakabalita na si Israel ay dumating sa daan ng Atarim; at bumaka sa Israel at iniuwing bilag niya ang iba sa kanila. **2** At ang Israel ay nanata sa PANGINOON, at nagsabing: Kung tunay na ibibigay mo ang bayang ito sa aking kamay, ay aking lubos na gigibain ng ang kanilang mga ciudad. **3** At dininig ng PANGINOON ang voces ng Israel, at ibinigay ang Kananeo sa kaniya, at kanilang lubos na nilipol sila at ang kanilang mga ciudad: at ang ipinagagan sa lugar ay Horma.

**4** At sila'y lumakad mula sa bundok ng Her na napasa daang patungo sa Dagat na Mapula, upang lumiko sa lupain ng Edom: at ang dandamin ng bayan ay rinitip dahil sa daan. **5** At ang bayan ay nagsalita laban sa Dios at laban kay Moises, Pakit ninyo kami jinaakyat mula sa Egipto, upang mamatay sa ilang? sapagka't walang tinapay at walang tubig; at ang aming kalulua ay nasusuklam na sa tinapay na ilog walang lewadura. **6** At ang PANGINOON ay nagsugo ng mga mababangis na ahas sa gitna ng bayan, at kanilang kinagat ang bayan; at maraning tawo sa Israel ay namatay. **7** At ang bayan ay napanoon kay Moises, at nagsabing: Kami ay nagkacala, sapagka't kami ay nag-alita laban sa PANGINOON, at laban sa iyo; idalangin mo sa PANGINOON, na kaniyang alisin ang mga ahas sa amon. At si Moises ay nanalangin dahil sa bayan. **8** At ang PANGINOON ay nag-alal kay Moises: Gumawa ka ng isang malagsik na ahas at ipatong mo sa isang tikin: at mangyayari, na baw't itawng makagat, pagtumingin doon ay mabubulay. **9** At si Moises ay gumawa ng isang ahas na tanso at ipinatong sa isang tikin: at nangyari, pagka ang isang ahas ay nakakagat ng sino man, pagtumingin sa ahas na tanso ay nabubuhay. **10** At ang mga anak ni Israel ay naglakad, at nagtayo ng *kampamento* sa Ober. **11** At sila'y naglakbay mula sa Obot at nagtayo ng *kampamento* sa Iye-abarim sa ilang na nasa tapat ng Moab, sa dakong sinisikatan ng araw. **12** Mula roon sila'y naglakbay, at nagtayo ng *kampamento* sa libis ng Zered. **13** Mula roon sila'y naglakbay, at tumayo sa kabilang ibayo ng Arnon, na nasa ilang na lumalabas sa hangganan ng mga Amorreo: sapagka't ang Arnon ay hangganan ng Moab, na nasa gitna ng Moab at ng mga Amorreo.



14 Kaya't sinasabi sa libro ng Pakiki-pagbaka ng PANGINOON.

Ang Vaheb ay sa Sufa,

At ang mga libis ng Arnon,

15 At ang kiling ng mga libis

Na kumikiling sa dakong tahanan ng Ar,

At humihilig sa hanganan ng Moab.

16 At mula roon, sila'y *napasa* Beer, na siyang balong pinagsabihan ng PANGINOON kay Moises: Pisanin mo ang bayan at aking bibigyan sila ng tubig.

17 Ng magkayo'y inawit ng Israel ang awit na ito:

Umakyat ka, oh balon; umakyat kayo sa kaniya:

18 Ang balong hinukay ng mga pangulo, Na pinalalim ng mga mahal sa bayan, Ng cetro at ng kanilang mga tungkod.

At mula sa ilang, sila'y *napasa* Matana:

19 at mula sa Matana ay *napasa* Nahaliel:

20 at mula sa Nahaliel ay *napasa* Bamot:

21 at mula sa Bamot ay *napasa* libis na nasa bukid ng Moab, sa taluktok ng Pigma, na tumutungo sa ilang.

21 At ang Israel ay nagsugo ng mga sugo kay Sihon, hari ng mga Amorreo, na nagsabing: 22 Paraanin mo ako sa iyong lupain: kami ay hindi liliko sa bukid, o sa uvasan man; kami ay hindi iinom ng tubig ng mga balon: kami ay dadaan sa daang hari, hangang sa aming maraanan ang iyong hanganan. 23 At hindi titiisin ni Sihon ang Israel na dumaan sa kaniyang hanganan: kungdi pinisan ni Sihon ang kaniyang boong bayan, at lumabas sa ilang laban sa Israel at dumating hangang Jahaz: at siya'y bumaka laban sa Israel. 24 At sinugatan siya ng Israel ng talim ng tabak, at inari ang kaniyang lupain mula sa Arnon hangang Jabok, hangang sa mga anak ni Ammon: sapagka't ang hanganan ng mga anak ni Ammon ny matibay. 25 At kinuha ng Israel ang lahat ng mga ciudad na ito: at ang Israel ay tumahan sa lahat ng ciudad ng mga Amorreo, sa Hesbon at sa lahat ng bayan. 26 Sapagka't ang Hesbon ay siyang ciudad ni Sihon na hari ng mga Amorreo, na siyang bumaka laban sa unang hari sa Moab, at kumuha ng kaniyang boong lupain sa kaniyang kamay hangang sa Arnon. 27 Kaya't yaong mga nagsasalita ng mga kawikaan ay nagsasabing:

Halina kayo sa Hesbon.

Ating itayo at itatag ang ciudad ng

Sihon:

28 Sapagka't isang apoy ay lumabas sa Hesbon,

Isang liab mula sa ciudad ng Sihon:

Na sumunog sa Ar ng Moab,

Sa mga panginoon sa matataas na lugar ng Arnon.

29 | Sa aba mo, Moab!

Ikaw ay sinira oh bayan ni Kemos:

Na nagbigay sa kaniyang mga anak na lalaki na parang mga layas,

At sa kaniyang mga anak na babaye sa pagkabilag,

Kay Sihong hari ng mga Amorreo.

30 Aming pinana sila; si Hesbon ay namatay hangang sa Dibon,

At aming ibinual hangang Nofa;

Na *umacot* hangang Medeba.

31 Ganito tumahan ang Israel sa lupain

ng mga Amorreo. 32 At si Moises ay

nagsugo upang tumiktik sa Jazer, at kanilang sinakop ang mga bayan noon, at

pinalayas nila ang mga Amorreo na

nandoon. 33 At sila'y lumiko at umak-

kyat sa daan ng Basan: at si Og na hari sa

Basan ay lumabas laban sa kanila, siya at

ang boo niyang bayan, upang makipag-

baka sa Edrei. 34 At ang PANGINOON

ay nagsabi kay Moises: Huag mo siyang

katakutan; sapagka't aking ibinigay siya

sa iyong kamay, at ang boong bayan niya,

at ang kaniyang lupain; at iyong gagawin

sa kaniya, gaya ng iyong ginawa kay

Sihon na hari ng mga Amorreo, na tumahan

sa Hesbon. 35 Gayon nila sinugatan

siya, at ang kaniyang mga anak, at ang

boong bayan niya, hangang sa walang

natira sa kaniya: At kanilang inari ang

kaniyang lupain.

22 At ang mga anak ng Israel ay

naglakbay at nagtayo ng *kampamento*

sa mga kapatagan ng Moab sa dako

roon ng Jordan na nasa *tapat* ng Jerico.

2 At nakita ni Balak na anak ni Zipor

ang lahat na ginawa ng Israel sa mga

Amorreo. 3 At si Moab ay natakot na

mainam sa bayan, sapagka't sila'y marami:

at si Moab ay nagulumihan dahil

sa mga anak ng Israel. 4 At si Moab ay

nagsabi sa mga matanda sa Madian: nga-

yon ay hihimuran ng karamihang ito

yaong lahat na nasa palibot natin, gaya

ng baka na humihimod sa damo sa pa-

rang. At si Balak na anak ni Zipor ay

hari sa Moab ng panahong yaon. 5 At

siya'y nagsugo ng mga sugo kay Balaam

na anak ni Beer, hangang sa Petor na

nasa tabi ng Ilog, hangang sa lupain ng

mga anak ng kaniyang bayan, upang ta-

wagin siya, na sabihing: Narito, ang isang bayan na lumabas mula sa Egipto: narito't kanilaug tinatakpau ang balat ng lupa, at sila'y nangatayo laban sa akin: **6** parito ka ngayon. isinasamo ko sa iyo, sumpain mo ang bayang ito; sapagka't sila'y totoong makapangyarihan sa ganang akin: marahil ako'y mananaig, na aming masusugatan sila, at akin silang mapalayas sa lupain: sapagka't talastas ko na ang iyong pinagpapala ay mapalad, at ang iyong sinusumpa ay mapaparual. **7** At ang mga matanda sa Moab at ang mga matanda sa Madian ay nagsiparoon na dala sa kanilang kamay ang mga kagantihan ng panghubula; at ng sila'y dumating kay Balaam ay sinalita nila sa kaniya ang mga salita ni Balak. **8** At kaniyang sinabi sa kanila: Dito na kayo humimpil ng gabing ito, at aking dadalhin sa inyo ang sagot uli, kung ano ang sasalitain ng PANGINOON sa akin: at ang mga pangulo sa Moab ay humimpil na kasama ni Balaam. **9** At ang Dios ay naparoon kay Balaam, at nagsabing: ¿Sinong mga tawo itong kasama mo? **10** At si Balaam ay nagsabi sa Dios: Si Balak na anak ni Zipor, hari sa Moab, nagpasugo sa aking: **11** Narito, ang bayan na lumabas sa Egipto, ay tinatakpau ang balat ng lupa: ngayo'y halika, sumpain mo sila sa akin; marahil ako'y makatabaka laban sa kanila, at sila'y aking mapalalayas. **12** At sinabi ng Dios kay Balaam: Huag kang pareroong kasama nila; huag mong susumpain ang bayan: sapagka't sila'y pinagpala. **13** At si Balaam ay bumangon ng kinamugahan, at sinabi sa mga pangulo ni Balak: Yumaon kayo sa inyong lupain: sapagka't ipinagkait ng PANGINOON ang pahintulot na ako'y pumarooong kasama ninyo. **14** At ang mga pangulo ni Moab ay nagbangon, at sila'y naparoon kay Balak, at nagsabing: Si Balaam ay tumauang pumarito na kasama namin. **15** At si Balak ay nagsugong muli ng mga pangulo ng lalo't lalong mga mahal kay sa kanila. **16** At sila'y naparoon kay Balaam at nagsabi sa kaniyang: Ganito ang sabi ni Balak na anak ni Zipor: Isinasamo ko sa iyo, na ang ano mang bagay ay huag mong tulutan na makaabala sa iyo sa pagparito mo sa akin: **17** sapagka't ikaw ay aking papupurihan ng mga dakilang karangalan, at ano mang sabihin mo sa akin ay gagawin ko: parito ka nga, isinasamo ko sa iyo, sumpain mo sa akin ang bayang ito. **18** At si Balaam ay sumagot at nag-

sabi sa mga alila ni Balak: Kahi't ibigay sa akin ni Balak ang kaniyang bahay na puno ng pilak at ginto, ay hindi ko masasalangang ang salita ng PANGINOON aking Dios, na ako'y gumawa ng kulaug o bigit. **19** Ngayon nga, isinasamo ko sa inyo, humimpil din kayo rito ng gabing ito, upang aking maalaman kung ano ang sasalitain pa ng PANGINOON sa akin. **20** At ang Dios ay naparoon kay Balaam ng kinagabilan, at nagsabi sa kaniyang: Kung ang mga tawong iyan ay nagsiparito, upang tawagin ka, magbangon ka, sumama ka sa kanila; nguni't ang salita lamang na aking sasalitain sa iyo, yaon ang iyong gagawin. **21** At si Balaam ay nagbangon ng kinaumugahan, at inihanda ang kaniyang asno at sumama sa mga pangulo sa Moab. **22** At ang galit ng Dios ay nagningas, sapagka't siya'y naparoon: at ang angel ng PANGINOON ay lumagay sa daan na pinakakaaway niya. Siya nga'y nakasakay sa kaniyang asno at ang kaniyang dalawang alipin ay kasama niya. **23** At nakita ng asno ang angel ng PANGINOON na nakatayo sa daan, na hawak ang kaniyang buntot na tabak: at ang asno ay lumiko sa daan, at napasa parang: at sinugatan ni Balaam ang asno, upang ibalik siya sa daan. **24** Ng magkagayo'y ang angel ng PANGINOON ay tumayo sa isang makipot na daan sa pagitan ng mga uvasan, na ang isang bakod ay sumasadako rito, at ang isang bakod ay sumasadakong yaon. **25** At nakita ng asno ang angel ng PANGINOON, at siya'y inipit sa bakod, at naipit ang paa ni Balaam sa bakod: at kaniyang sinugatan ang asno uli. **26** At ang angel ng PANGINOON ay nagpauna uli at tumayo sa isang makipot na lugar, na walang daang babalikan kahi't sa kanan o sa kaliwa man. **27** At nakita ng asno ang angel ng PANGINOON, at siya'y talugmok sa ilalim ni Balaam, at ang galit ni Balaam ay nagningas, at kaniyang sinugatan ang asno ng kaniyang tungkod. **28** At ibinuka ng PANGINOON ang bibig ng asno, at nagsabi kay Balaam: ¿Ano ang ginawa ko sa iyo, upang sugatan mo ako nitong makaitlo? **29** At sinabi ni Balaam sa asno: sapagka't tinuwa mo ako: ¿maireon sana ako sa aking kamay na isang tabak, kuugdi pinatay kita ngayon. **30** At ang asno ay nagsabi kay Balaam; ¿Di ba ako'y iyong asno na iyong sinakyan sa boong buhay mo hangang sa araw na ito? ¿Gumawa

baga kaya ako ng ganito sa iyo? At kaniyang sinabing: Hindi. **31** Ng magkagayo'y idinilat ng PANGINOON ang mga mata ni Balaam, at kaniyang nakita ang angel ng PANGINOON na nakatayo sa daan, na hawak ang kaniyang bunot na tabak: at kaniyang iniyukod ang kaniyang ulo, at nagpatirapa. **32** At ang angel ng PANGINOON ay nagsabi sa kaniyang: *¿Bakit mo sinugatan ang iyong asno nitong makaitlo?* Narito, ako'y naparito na napakakaaway, sapagka't ang iyong lakad ay masama sa harap ko: **33** at nakita ako ng asno, at lumiko sa harap ko nitong makaitlo: kungdi siya lumihis sa harap ko, tunay na ngayon ay aking napatay kita, at nailigtas ang kaniyang buhay. **34** At si Balaam ay nagsabi sa angel ng PANGINOON: Ako'y nagkasala; sapagka't hindi ko nalamang ikaw ay tumayo sa daan laban sa akin: ngayon nga kung inaakala mong masama, ako'y babalik uli. **35** At ang angel ng PANGINOON ay nagsabi kay Balaam: Sumama ka sa mga tawo: nguni't ang salita lamang na aking sasalitain sa iyo, yaon ang sasalitain mo. Sa gayon, si Balaam ay sumama sa mga pangulo ni Balak. **36** At ng marinig ni Balak na si Balaam ay dumarating, siya'y lumabas upang kaniyang salubungin siya sa ciudad ng Moab, na nasa hangganan ng Arnon, na siyang katapusang bahagi ng hangganan. **37** At si Balak ay nagsabi kay Balaam: *¿Di ba ikaw ay aking pinaparonang dalidali upang tawagin ka? ¿bakit nga hindi ka naparito sa akin? ¿Hindi ba tunay na mapupurihan kita sa kapurihan?* **38** At si Balaam ay nagsabi kay Balak: Narito, ako'y naparito sa iyo: *¿Mairoon ba ako ngayang ano mang kapangyarihan na makapagsalita sa iyo ng ano mang bagay? Ang salita na ilagay ng Dios sa aking bibig, yaon ang aking sasalitain.* **39** At si Balaam ay sumama kay Balak, at sila'y naparoon sa Kiriathuzot. **40** At naghayin si Balak ng mga baka at mga tupa, at pinasuguan ng mga yaon si Balaam, at ang mga pangulo na kasama niya. **41** At nangyari ng kinaumagahan, na isinama ni Balak si Balaam at iniakyat siya sa mga mataas na lugar ni Baal, at kaniyang nakita mula roon ang katapusang bahag ng bayan.

**23** At si Balaam ay nagsabi kay Balak: Ipagtayo mo ako rito ng pitong altar, at ipaghanda mo ako rito ng pitong toro at ng pitong tupang lalaki. **2** At gi-

nawa ni Balak gaya ng sinalita ni Balaam; at si Balak at si Balaam ay naghandog sa bawa't altar ng isang toro at ng isang tupang lalaki. **3** At si Balaam ay nagsabi kay Balak: Tumayo ka sa tabi ng iyong handog na susunugin, at ako'y yayaon; marahil ang PANGINOON ay paririto na sasalubungin ako: at ano mang bagay na kaniyang ipakita sa akin ay aking sasaysayin sa iyo. At siya'y naparoon sa isang lugar na walang tanim. **4** At sinalubong ng Dios si Balaam: at siya'y nagsabi sa kaniyang: Aking inihanda na ang pitong altar, at aking inihandog ang isang toro at ang isang tupang lalaki sa bawa't altar. **5** At inilagay ng PANGINOON ang salita sa bibig ni Balaam, at sinabing: Magbalik ka kay Balak, at ganito ang iyong sasalitain. **6** At siya'y nagbalik sa kaniya, at, narito, siya'y nakatayo sa tabi ng kaniyang handog na susunugin, siya at ang lahat ng pangulo ng Moab. **7** At kaniyang ginamit ang kaniyang talinhaga, at nagsabing:

Mula sa Aram ako'y dinala rito ni Balak,

Ang hari sa Moab mula sa mga bundok ng Silanganan:

Halika, sumpain mo ako Jakob,

At halika, papagbulaanin mo ang Israel.

**8** *¿Paanong aking sumpain ang hindi sinumpa ng Dios?*

*¿At paanong aking papagbubulaanin ang hindi pinagbulaan ng PANGINOON?*

**9** Sapagka't mula sa taluktok ng mga bato ay aking nakikita siya,

At mula sa mga burol ay akin siyang pinanonood:

Narito, siya'y isang bayang tatahang mag-isa,

At hindi ibibilang sa gitna ng mga nasyon.

**10** *¿Sino ang makabibilang ng alabok ng Jakob,*

*O ng bilang ng ikaapat na bahagi ng Israel?*

*¿Mamatayo ako ng kamatayan ng banal At ang aking wakas ay maging gaya niya!*

**11** At si Balak ay nagsabi kay Balaam: *¿Ano ang ginawa mo sa akin? Ipinagsama kita upang sumpain mo ang aking mga kaaway, at, narito, iyong pinagpala silang totoo.* **12** At siya'y sumagot, at nagsabing: *¿Hindi ba pararapat na aking pag-ingatang salitain yaong ililagay*

- ng PANGINOON sa aking bibig? **13** At si Balak ay nagsabi sa kaniya: Isinasamo ko sa iyo, na sumama ka sa akin sa ibang lugar, na mula sa iyong pagkakakitaan sa kanila: ang iyo lamang makikita ay ang kahulihulihang bahagi nila, at hindi mo makikita silang lahat: at sumpain mo sila sa akin mula roon. **14** At dinala siya sa barang ng Zofim, sa taluktok ng Pisga, at nagtayo roon ng pitong altar, at naghandog ng isang toro, at ng isang tupang lalaki sa bawa't altar. **15** At kaniyang sinabi kay Balak: Tumayo ka rito sa siping ng iyong handog na susunugin, samantalang aking sinasalubong ang PANGINOON doon. **16** At sinalubong ng PANGINOON si Balaam, at naglagay ng salita sa kaniyang bibig, at nagsabing: Magbalik ka kay Balak, at ganito ang iyong asalitain. **17** At siya'y naparoon sa kaniya, at, narito, siya'y tumayo sa siping ng kaniyang handog na susunugin, at ang mga pangulo sa Moab na kasama niya. At si Balak ay nagsabi sa kaniyang: Ano ang sinalita ng PANGINOON?
- 18** At kaniyang ginamit ang kaniyang talinhaga, at nagsabing:  
; Magtindig ka Balak, at iyong dingin;  
; Pakingan mo ako, ikaw anak ni Ziper:
- 19** Ang Dios ay hindi tawo upang mag-sinungaling;  
; O anak ng tawo man upang magsisi:  
; Sinabi niya, at hindi niya gagawin?  
; O sinalita niya at hindi niya tutuparin?
- 20** Narito, ako'y tumanggap ng ulos upang magpala:  
; At kaniyang pinagpala, at hindi ko na mababago.
- 21** Hindi niya ibinilang ang kasam-an sa Jakob,  
; At hindi niya tiningnan ang kasam-an sa Israel:  
; Ang PANGINOON kaniyang Dios ay sumasa kaniya,  
; At ang hiyaw ng hari ay nasa gitna nila.
- 22** Dios ang naglalabas sa kanila sa Egipto;  
; Ang Israel ng gaya ng labas ng mabangis na baka.
- 23** Tunay na walang mangkukalam sa Jakob,  
; O panghuhula man sa Israel:  
; Ngayo'y sasabihin tungkol sa Jakob at sa Israel,  
; Ano ang ginawa ng Dios!
- 24** Narito, ang bayan ay nagtitindig na parang isang leong babaye,  
; At parang isang leon na nagpakataas: Siya'y hindi mahihiga hangang sa makakain ng dakip,  
; At makainom ng dugo ng napatay.
- 25** At si Balak ay nagsabi kay Balaam: Huag mo silang sumpain o pagpalaan mo man. **26** Ngunit si Balaam ay sumagot at nagsabi kay Balak: Di ba isinaysay ko sa iyo, na aking sinabing: Yaong lahat na sinasalita ng PANGINOON, yaong ang nararapat na aking gawin? **27** At si Balak ay nagsabi kay Balaam: Halika ngayon, ipagasaama kita sa ibang lugar; marahil iibigin ng Dios na iyong sumpain sila sa akin mula doon. **28** At ipinagsama ni Balak si Balaam sa taluktok ng Peor, na tumutingin sa ilang. **29** At si Balaam ay nagsabi kay Balak: Ipagtayo mo ako rito ng pitong altar, at ipaghanda mo ako rito ng pitong toro at ng pitong tupang lalaki. **30** At ginawa ni Balak gaya ng sinabi ni Balaam, at naghandog ng isang toro at ng isang tupang lalaki sa bawa't altar.
- 24** At ng makita ni Balaam na kinapalugdan ng PANGINOON na pagpalaan ang Israel, siya'y hindi naparoon gaya ng una upang humanap ng pangkukulam, kungdi kaniyang ititig ang kaniyang mukha sa dakong ilang. **2** At itinaas ni Balaam ang kaniyang mga mata, at kaniyang nakita ang Israel na tumatahan ayon sa kaniyang mga angkan; at ang espiritu ng Dios ay sumakaniya. **3** At kaniyang ginamit ang kaniyang talinhaga, at nagsabing:  
; Si Balaam na anak ni Beor ay nagsasabi,  
; At ang lalaki na ang mga mata ay nadilat ay nagsasabi:  
; Siya'y nagsasabi na nakakarinig ng mga salita ng Dios,  
; Na nakakakita ng malikmata ng Makapangyarihan-sa-lahat,  
; Na nalulugmok at nakadilat ang kaniyang mga mata:  
; Pagka itaman ng iyong mga dampangon Jakob,  
; Ang iyong mga tabanan, oh Israel!  
; Gaya ng mga libis na nalalatog,  
; Gaya ng mga halaman sa tabi ng ilog,  
; Gaya ng tinalees na itinaim ng PANGINOON,  
; Gaya ng mga puno ng cedro sa siping ng mga tubig.

- 7 MĀ tubig ay aapaw sa kaniyang pang-igib,  
 At ang kaniyang binhi ay *matatanim* sa maraming tubig,  
 At ang kaniyang hari ay tataas ng higit kay Agag,  
 At ang kaniyang kaharian ay mababautog.
- 8 Ang Dios ang kumukuha sa kaniya sa Egipto;  
 Siya'y nairoong gaya ng lakas ng mabangis na baka:  
 Kaniyang lalamunin ang mga nacion na kaniyang mga kaaway,  
 At kaniyang pagwawaraywarayin ang kanilang mga buto,  
 At susugatan *sila* ng kaniyang mga pana.
- 9 Siya'y yumuko, siya'y lumugnok na gaya ng isang leon,  
 At gaya ng isang leong babaye; ¿Si-nong gigising sa kaniya?  
 Pagpalain nawa yaong lahat na nagpapala sa iyo.  
 At sumpain yaong lahat na sumusumpa sa iyo.
- 10 At ang galit ni Balak ay nagningas laban kay Balaam, at sinugatan niya ang kaniyang mga kamay na magkalakip: at si Balak ay nagsabi kay Balaam: "Tinawag kita upang iyong sumpain ang aking mga kaaway, at narito't iyong pinagpalang totoo sila nitong makaitlo." 11 Ngayon nga ay lumayo ka sa iyong lugar: aking inisip na itaas kita sa dakilang karangalan; nguni't narito, pinigil ka ng PANGINOON sa karangalan. 12 At si Balaam ay nagsabi kay Balak: "¿Di ba sinalita ko rin sa iyong mga sugo na iyong sinugo sa akin, na aking sinabing: 13 Kung ibibigay man sa akin ni Balak ang kaniyang bahay na puno ng pilak at ginto, ay hindi ko masasalangang ang salita ng PANGINOON, upang gumawa ako ng mabuti o masama sa aking sariling akala; kung ano nga ang salitain ng PANGINOON, yaon ang aking sasalitain." 14 At ngayon, narito, ako'y paroroon sa aking bayan: halika nga, at aking ipamamasid sa iyo ang gagawin ng bayang ito sa iyong bayan sa mga katapusang araw. 15 At kaniyang sinalita ang kaniyang talinhaga, at nagsabing:  
 Si Balaam na anak ni Beor ay nagsabi, At ang tawo na ang mga mata'y nadilat ay nagsasabi:
- 16 Siya'y nagsasabi na nakarindig ng mga salita ng Dios,
- At nakaalam ng pagkakilala ng Kultaastaasan,  
 Na siyang nakakakita ng malikmata ng Makapangyarihan-sa-lahat,  
 Na nalulugnok at nakadilat ang kaniyang mga mata:
- 17 Aking nakikita siya: nguni't hindi ngayon:  
 Aking minamasdan siya, nguni't hindi sa malapit:  
 Lalabas ang isang bituin sa Jakob,  
 At ang isang cetro ay lilitaw sa Israel,  
 At susugatan ang mga sulok ng Moab,  
 At lilipulin ang lahat ng mga anak ng kaguluhan.
- 18 At ang Edom ay magiging pag-aari niya,  
 Ang Seir man ay magiging pag-aari niya, na siyang dating kaniyang mga kaaway;  
 Samantalang ang Israel ay tumatampang.
- 19 At sa Jakob ay magkakaroon ng isang sasakop,  
 At kaniyang gigibain ang labi sa ciudad.
- 20 At kaniyang minasdan ang Amalek, at sinalita ang kaniyang talinhaga, at nagsabing:  
 Ang Amalek siyang panguna sa mga nacion;  
 Nguni't ang kaniyang huling wakas ay magiging walang hangang pagkapuksa.
- 21 At kaniyang minasdan ang Kineo, at sinalita ang kaniyang talinhaga, at nagsabing:  
 Matibay ang iyong tahananang lugar,  
 At ang iyong pugad ay nauupo sa burol.
- 22 Gayon man ang Kineo ay magiging giba,  
 Hangang dalhing bihag siya ni Assur.
- 23 At kaniyang ginamit ang kaniyang talinhaga, at nagsabing:  
 ¡Ay! ¿sinong mabububay pagka ginawa ng Dios ito?
- 24 Datapua't ang mga sasakyan ay mangagaling mula sa baybayin ng Kittim,  
 At kaniyang pagdadalamhatiin ang Assur, at kanilang pagdadalamhatiin ang Heber,  
 At siya man ay mapupuksa.
- 25 At si Balaam ay nagtindig, at yumsou at nagbalik sa kaniyang lugar: at si Balak naman ay yumaon ng kaniyang lakad.

**25** At ang Israel ay tumahan sa Sitim, at ang bayan ay nagpasimulang magkasala ng pakikipid sa mga anak na babaye ng Moab: **2** sapagka't kanilang tinawag ang bayan sa mga hayin sa kanilang mga dios; at ang bayan ay kumain at gumokod sa kanilang mga dios. **3** At ang Israel ay nakilalip kay Baal-peor; at ang galit ng PANGINOON ay nagingas labat sa Israel. **4** At ang PANGINOON ay naguhit kay Moises: *Ipagsama mo ang lahat ng mga pangulo sa bayan at bitayin mo sila sa PANGINOON sa harap ng araw, upang ang maningas na galit ng PANGINOON ay mapawi sa Israel.* **5** At si Moises ay nagsabi sa mga hukom sa Israel: *Patayin ng bawat lalaki ang kanilang mga lalaki na lumakip kay Baal-peor.* **6** At, narito, ang isa sa mga anak ng Israel ay naparoon at magdala sa kaniyang mga kapatid ng isang babayeng Madianita sa paningin ni Moises, at sa paningin ng boong kapulungan ng mga anak ng Israel, samantalang sila'y umiyyak sa pintuan ng dampa ng kapisanan. **7** At ng makita ni Fineas, na anak ni Eleazar, na anak ni Aaron sacerdote, ay nagtingit mula sa gitna ng kapulungan, at lumawak ng isang sibat sa kaniyang kamay; **8** at siya'y naparoon sa likod ng lalaking tega Israel sa loob ng silid, at kaniyang pinalagpasan kapua ang lalaking tega Israel at ang babaye sa kaniyang tiyan. Sa gayon ang salot ay natigil sa mga anak ng Israel. **9** At yaong mga namatay sa salot ay dalawang puot apat na libo.

**10** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: **11** Si Fineas na anak ni Eleazar, na anak ng Aaron na sacerdote, ay pinawi ang aking galit sa mga anak ng Israel, sa paraang siya'y nagkikap dahil sa aking pagsisikap sa kanila, na ano pa't hindi ko nilipol ang mga anak ng Israel sa aking sikap. **12** Kaya't sabihin mong: *Narito, alking ibi-ibigay sa kaniya ang aking tipan tungkol sa kapayapaan:* **13** at magiging kaniya, at sa kaniyang binhi pagkamatay niya, na tipan ng paghacerdoteng walang hangang; sapagka't siya'y naging maskap dahil sa kaniyang Dios, at tumulos sa mga anak ng Israel. **14** Ang pangalan nga ng lalaking tega Israel na napatay, na pinatay na kalakip ng babayeng Madianita ay Zimi, na anak ni Salu, na isang pangulo sa babayeng mga magulang ng mga Simeonita. **15** At ang

pangalan ng babayeng Madianita na bapatay ay Kozbi, na anak ni Zur; siya'y magulo sa bayan ng isang babayeng mga magulang sa Madian.

**16** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: **17** Kagalitan ninyo ang mga Madianita, at inyong sugatan sila: **18** sapagka't kanilang kinalalitan kayo ng kanilang mga silo na kanilang ipinandaya sa inyo sa bagay ng Peor, at sa bagay ni Kozbi, na anak na babaye ng pangulo sa Madian, na kanilang kapatid na namatay ng araw ng salot dahil sa Peor.

**26** At nangyari, pagkatapos ng salot, na nagsalita ang PANGINOON kay Moises at kay Eleazar na anak ni Aaron na sacerdote, na nagsabing: **2** Iguhit ninyo ang bilang ng boong kapulungan ng mga anak ng Israel, mula sa dalawang puong taong gulang hangang sa katandandaan, ayon sa mga babayeng kanilang mga magulang, yaong lahat na makalalabas sa pakikipagbaka sa Israel. **3** At si Moises at si Eleazar na sacerdote ay nakipagsalitaan sa kanila sa mga kapatagan ng Moab sa siping ng Jordan sa Jeriko, na nagsabing: **4** *Bilangin ninyo ang bayan, mula sa dalawang puong tawong gulang hangang sa katandandaan; gava ng iniutos ng PANGINOON kay Moises at sa mga anak ng Israel, na lumabas sa lupain ng Egipto.*

**5** Si Ruben ang panganay ni Israel: ang mga anak ni Ruben: kay Hanok, ang kamag-anakan ng mga Hanokita: kay Pallu, ang kamag-anakan ng mga Palluita: **6** kay Hezron ang kamag-anakan ng mga Hezronita: kay Karmi ang kamag-anakan ng mga Karmita. **7** Ito ang mga kamag-anakan ng mga Rubenita: at yaong mga nabilang sa kanila, ay apat na puot tatlong libo at pitong daan at tatlong puo. **8** At ang mga anak ni Pallu; ay si Eliab. **9** At ang mga anak ni Eliab; si Nemuel at si Datan, at si Abiram. Ito yaong Datan at Abiram, na mga tinawag sa kapulungan, na siya'y nagisilaban kay Moises at kay Aaron, sa pulutong ni Kore, ng sila'y lumaban sa PANGINOON: **10** at binuka ng lupain ang kaniyang ibig, at mga dalaman sila sampuo ni Kore, ng ang pulutong na yaon ay mamatay; ng panahong lamunin ng apoy ang dalawang daan at limang puong tawo, at sila'y naging isang tanda. **11** Gayon ma'y ang mga anak ni Kore ay hindi namatay.

**12** Aug mġa anak ni Simeon ayon sa kaniyang mġa kamag-anakan: kay Nemuel, ang kamag-anakan ng mġa Nemuelita: kay Jamin ang kamag-anakan ng mġa Jaminita: kay Jakin ang kamag-anakan ng mġa Jakinita: **13** kay Zera ang kamag-anakan ng mġa Zerita: kay Saul, ang kamag-anakan ng mġa Saulita. **14** Ito ang mġa kamag-anakan ng mġa Simeonita, dalawang puo't dalawang libo at dalawang daan. **15** Ang mġa anak ni Gad ayon sa kaniyang mġa kamag-anakan: kay Zefon, ang kamag-anakan ng mġa Zefonita: kay Hagi ang kamag-anakan ng mġa Hagita: kay Suni, ang kamag-anakan ng mġa Sunita: **16** kay Ozni ang kamag-anakan ng mġa Oznita: kay Eri ang kamag-anakan ng mġa Erita: **17** kay Arod ang kamag-anakan ng mġa Arodita: kay Areli, ang kamag-anakan ng mġa Arelita. **18** Ito ang mġa kamag-anakan ng mġa anak ni Gad ayon doon sa mġa nabilang sa kanila, apat na puong libo at limang daan.

**19** Ang mġa anak ni Juda, si Er at si Onan: at si Er at si Onan ay namatay sa lupain ng Kanaan. **20** At ang mġa anak ni Juda ayon sa kaniyang kamag-anakan ay: kay Sela, ang kamag-anakan ng mġa Selanita: kay Perez, ang kamag-anakan ng mġa Perezita: kay Zera, ang kamag-anakan ng mġa Zerita. **21** At ang mġa naging anak ni Perez ay; kay Hezron, ang kamag-anakan ng mġa Hezronita: kay Hamel ang kamag-anakan ng mġa Hamelita. **22** Ito ang mġa kamag-anakan ni Juda ayon sa mġa nabilang sa kanila, pitong puo't anim na libo at limang daan.

**23** Ang mġa anak ni Isakar ayon sa kanilang mġa kamag-anakan: kay Tola, ang kamag-anakan ng mġa Tolaita: kay Puva ang kamag-anakan ng mġa Punita: **24** kay Jasub, ang kamag-anakan ng mġa Jasubita: kay Simron, ang kamag-anakan ng mġa Simronita. **25** Ito ang mġa kamag-anakan ni Isakar ayon doon sa mġa nabilang sa kanila, anim na puo't apat na libo at tatlong daan.

**26** Ang mġa anak ni Zabulon ayon sa kanilang mġa kamag-anakan: kay Sered, ang kamag-anakan ng mġa Seredita: kay Elon, ang kamag-anakan ng mġa Elonita: kay Jaleel, ang kamag-anakan ng mġa Jaleelita. **27** Ito ang mġa kamag-anakan ng mġa Zabulonita ayon doon sa mġa nabilang sa kanila, anim na puong libo at limang daan.

**28** Ang mġa anak ni Jose ayon sa kanilang mġa kamag-anakan: si Manases at

si Efraim. **29** Ang mġa anak ni Manases: kay Makir ang kamag-anakan ng mġa Makirita: at naging anak ni Makir si Gilead: kay Gilead ang kamag-anakan ng mġa Gilcadita. **30** Ito ang mġa anak ni Gilead: kay Iezer, ang kamag-anakan ng mġa Iezerita: kay Helek, ang kamag-anakan ng mġa Helekita: **31** At kay Asriel, ang kamag-anakan ng mġa Asrielita: at kay Sekem, ang kamag-anakan ng mġa Sekemita: **32** at kay Semida, ang kamag-anakan ng mġa Semidaita: at kay Hefer, ang kamag-anakan ng mġa Heferita. **33** At si Zelofehad na anak ni Hefer ay hindi nagkaanak ng lalaki, kungdi mġa babaye: at ang mġa pangalan ng mġa anak na babaye ni Zelofehad ay Maala at Noa, Hogla, Milka at Tirza. **34** Ito ang mġa kamag-anakan ni Manases: at yaong mġa nabilang sa kanila, ay limang puo at dalawang libo at pitong daan.

**35** Ito ang mġa anak ni Efraim ayon sa kanilang mġa kamag-anakan: kay Sutela ang kamag-anakan ng mġa Sutelaita: kay Beker, ang kamag-anakan ng mġa Bekerita: kay Tahan ang kamag-anakan ng mġa Tahanita. **36** At ito ang mġa anak ni Sutela: kay Eran, ang kamag-anakan ng mġa Eranita. **37** Ito ang mġa kamag-anakan ng mġa anak ni Efraim ayon doon sa mġa nabilang sa kanila, tatlong puo't dalawang libo at limang daan. Ito ang mġa anak ni Jose, ayon sa kanilang mġa kamag-anakan.

**38** Ang mġa anak ni Benjamin ayon sa kanilang mġa kamag-anakan: kay Bela, ang kamag-anakan ng mġa Belaita: kay Asbel, ang kamag-anakan ng mġa Asbelita: kay Ahiram, ang kamag-anakan ng mġa Ahiramita: **39** kay Sefufan, ang kamag-anakan ng mġa Sufamita: kay Hufam, ang kamag-anakan ng mġa Hufamita. **40** At ang mġa naging anak ni Bela ay si Ard at Naaman: kay Ard, ang kamag-anakan ng mġa Ardita: kay Naaman, ang kamag-anakan ng mġa Naamanita. **41** Ito ang mġa anak ni Benjamin ayon sa kanilang mġa kamag-anakan: at yaong mġa nabilang sa kanila ay apat na puo't limang libo at anim na raan.

**42** Ito ang mġa anak ni Dan ayon sa kanilang mġa kamag-anakan: kay Suham ang kamag-anakan ng mġa Suhamita. Ito ang mġa kamag-anakan ni Dan ayon sa kanilang mġa kamag-anakan. **43** Lahat ng mġa kamag-anakan ng mġa Suhamita, ayon sa mġa nabilang sa kanila, ay anim na puo't apat na libo at apat na raan.

**44** Ang mga anak ni Aser ayon sa kanilang mga kamag-anakan: kay Imna ang kamag-anakan ng mga Imnita: kay Isvi, ang kamag-anakan ng mga Isvita: kay Beria, ang kamag-anakan ng mga Berita. **45** Sa mga anak ni Beria: kay Heler, ang kamag-anakan ng mga Helerita: kay Malkiel ang kamag-anakan ng mga Malkielita. **46** At ang pangalan ng anak na babaye ni Aser ay si Sera. **47** Ito ang mga kamag-anakan ng mga anak ni Aser ayon doon sa mga nabilang sa kanila, limang puo't tatlong libo at apat na raan.

**48** Ang mga anak ni Neftali ayon sa kanilang mga kamag-anakan: kay Jahziel ang kamag-anakan ng mga Jahzielita: kay Guni, ang kamag-anakan ng mga Gunita: **49** kay Jezer, ang kamag-anakan ng mga Jezerita: kay Silem, ang kamag-anakan ng mga Silemita. **50** Ito ang mga kamag-anakan ni Neftali ayon sa kanilang mga kamag-anakan: at yaong mga nabilang sa kanila, ay apat na puo't limang libo at apat na raan.

**51** Ito yaong mga nabilang sa mga anak ng Israel, anim na raan at isang libo at pitong daan at tatlong puo.

**52** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: **53** Sa mga ito ang lupain ay babahagihin na pinakamana ayon sa bilang ng mga pangalan. **54** Ang higit ay iyong bibigyan ng higit na mana, at ang kaunti ay iyong bibigyan ng kulang na mana: ang lawa't isa ayon sa mga nabilang sa kaniya ay bibigyan siya ng kaniyang mana. **55** Gayon ma'y ang lupain ay babahagihin sa panamag-itan ng sapalaran: ayon sa mga pangalan ng mga angkan ng kanilang mga magulang ay kanilang mamanahin. **56** Ayon sa sapalaran babahagihin ang kanilang mana, alinsunod sa laki o liit.

**57** Ito yaong mga nabilang sa mga Levita ayon sa kanilang mga kamag-anakan: kay Gerson, ang kamag-anakan ng mga Gersonita: kay Koat ang kamag-anakan ng mga Koatita: kay Merari, ang kamag-anakan ng mga Merarita. **58** Ito ang mga kamag-anakan ni Levi: ang kamag-anakan ng mga Libnita, ang kamag-anakan ng mga Hebronita, ang kamag-anakan ng mga Mahlita, ang kamag-anakan ng mga Mu-ita, ang kamag-anakan ng mga Korita. At naging anak ni Koat si Amram. **59** At ang pangalan ng asawa ni Amram ay Jokabed, na anak na babaye ni Levi, na ipinanganak kay Levi sa Egipto: at naging anak niya kay Amram si Aaron at

si Moises, at si Maria na kapatid nila. **60** At naging anak ni Aaron si Nadab at si Abin, si Eleazar at si Itamar. **61** At si Nadab at si Abin ay namatay ng sila'y maghandog ng ibang apoy sa harap ng PANGINOON. **62** At yaong mga nabilang sa kanila ay dalawang puo't tatlong libo, labat ng lalaki mula sa isang buang gulang lungang sa katandandaan: sapagka't sila'y hindi mga nabilang sa mga anak ng Israel, sapagka't sila'y hindi bibigyan ng mana sa gitna ng mga anak ng Israel.

**63** Ito yaong mga nabilang ni Moises at ni Eleazar na sacerdote; na bumilang ng mga anak ng Israel sa mga kapatagan ng Moab sa siping ng Jordan sa Jeriko. **64** Ngunit sa mga ito ay walang tawo sa kanila, na nabilang ni Moises at ni Aaron na sacerdote; na bumilang ng mga anak ng Israel sa ilang ng Sinai. **65** Sapagka't tungkol sa kanila ang PANGINOON ay nagsabi, Sila'y mamamatay na walang pagsala sa ilang. At walang natira kahit isang tawo sa kanila, liban kay Kaleb na anak ni Jefune, at kay Josue na anak ni Nun.

**27** Ng magkagayo'y nagsilapit ang mga anak na babaye ni Zelofehad, na anak ni Hefer, na anak ni Gilead, na anak ni Makir, na anak ni Manases, sa mga kamag-anakan ni Manases, na anak ni Jose; (at ito ang mga pangalan ng kaniyang mga anak: Maala, at Noa, at Hogla, at Milka at Tirsa). **2** At sila'y nagsitayo sa harap ni Moises, at sa harap ni Eleazar na sacerdote, at sa harap ng mga pangulo at ng boong kapulungan, sa pintuan ng dampa ng kapisanan, na nagsabing: **3** Ang aming ama ay namatay sa ilang, at siya'y wala sa kasamahan nila, na nagpipisang magkakasama laban sa PANGINOON, sa kasamalan ni Kore: kungdi siya'y namatay sa kaniyang saring kasalanan, at hindi nazkaroon ng mga anak na lalaki. **4** Bakit ang pangalan ng aming ama ay aalisin sa kamag-anakan niya, sapagka't siya'y hindi nagkaanak ng lalaki? Ibigay niyo sa amin ang isang pag-aari sa pagkakapatid sa aming ama. **5** At dinala ni Moises ang kanilang usap sa larap ng PANGINOON. **6** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: **7** Ang mga anak na babaye ni Zelofehad ay vagsasalita ng matuid: tunay na bibigyan mo sila ng isang pag-aari na pinakamana sa pagkakapatid sa kanilang ama; at iyong isasalin ang mana ng kanilang ama sa kanila. **8** At iyong



sasalitain sa mga anak ng Israel, na *iyong* sasabihing: Kung ang isang lalaki ay mamatay, at walang anak na lalaki, inyo ngang isasalin ang kaniyang mana sa kaniyang anak na babaye. **9** At kung siya'y walang anak na babaye, ay inyo ngang ibibigay ang kaniyang mana sa kaniyang mga kapatid. **10** At kung siya'y walang mga kapatid, ay inyo ngang ibibigay ang kaniyang mana sa mga kapatid ng kaniyang ama. **11** At kung ang kaniyang ama ay walang mga kapatid, ay inyo ngang ibibigay ang kaniyang mana sa kaniyang kamag-anak na pinakamalapit sa kaniya sa kaniyang kamag-anakan, at kaniyang aariin: at sa mga anak ng Israel ay magiging isang palatuntunan ng kabatulan, gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises.

**12** At ang PANGINOON ay nagsabi kay Moises: Sumampa ka sa bundok na ito ng Abarim, at masdan mo ang lupain na aking ibinigay sa mga anak ng Israel. **13** At pagka iyong nakita yaon, ikaw naman ay malalaki sa iyong bayan, gaya ng pagkalakip ni Aarong iyong kapatid: **14** sapagka't kayo'y nanghimagsik laban sa aking salita sa ilang ng Zin, sa pakikipag-talo ng kapulungan, upang santohin ako sa harap ng mga mata nila sa mga tubig. (Ito ang mga tubig ng Meriba sa Kades sa ilang ng Zin). **15** At si Moises ay nagsalita sa PANGINOON, na nagsabing: **16** Ihalal ng PANGINOON, ng Dios ng mga espiritu ng lahat ng laman, ang isang lalaki sa kapulungan, **17** na makalabas sa harap nila, at makapasok sa harap nila, at kaniyang mapatnugutan sila sa labas, at kaniyang madala sila sa loob; upang ang kapulungan ng PANGINOON ay huag maging parang mga tupa na walang pastor. **18** At ang PANGINOON ay nagsabi kay Moises: Ipagsama mo si Josue na anak ni Nun, isang lalaki na kinakasihang ng espiritu, at ipatong mo ang iyong kamay sa kaniya; **19** at iharap mo siya sa harap ni Eleazar na sacerdote, at sa harap ng boong kapulungan; at ibigay mo sa kaniya ang katungkulan sa kanilang paningin. **20** At maglalagay ka ng iyong karangalan sa kaniya, upang ang boong kapulungan ng mga anak ng Israel ay sundin siya. **21** At siya'y tatayo sa harap ni Eleazar na sacerdote, na siyang maguusisa dahil sa kaniya, sa pamamag-itan ng hatol ng Urim sa harap ng PANGINOON: sa kaniyang salita, sila'y lalabas, at sa kaniyang salita, sila'y pasok, siya at ang lahat ng mga anak ng

Israel na kasama niya, ang boong kapulungan. **22** At ginawa ni Moises gaya ug iniutos ng PANGINOON sa kaniya: at kaniyang ipinagsama si Josue, at kaniyang iniharap sa harap ni Eleazar na sacerdote, at sa harap ng boong kapulungan: **23** at kaniyang ipinatong ang kaniyang mga kamay sa kaniya, at ibinigay niya sa kaniya ang katungkulan, gaya ng sinalita ng PANGINOON sa pamamag-itan ni Moises.

**28** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: **2** Iutos mo sa mga anak ng Israel, at sabihin mo sa kanilang: Ang aking alay, ang aking pagkain na aking pinakahandog na pinaraan sa apoy, na may masarap na amoy sa akin, ay inyong pag-iingatang ihandog sa akin sa kanilang ukol na kapanahunan. **3** At iyong sasabihin sa kanilang: Ito ang handog na pinaraan sa apoy na inyong ihahandog sa PANGINOON; mga corderong lalaki ng unang taon na walang kapintasan, dalawa araw-araw, na pinakalaging handog na susunugin. **4** Ang isang cordero ay iyong ihahandog sa umaga, at ang isang cordero ay iyong ihahandog sa paglubog ng araw; **5** at ang ikasampung bahagi ng isang efa ng mainam na harina na pinakahandog na harina na hinaluan ng ikaapat na bahagi ng isang hin ng langis na hinalo. **6** Isang palaging handog na susunugin, na iniutos sa bundok ng Sinai na may masarap na amoy, handog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy. **7** At ang pinakahandog na inumin noon, ay ang ikaapat na bahagi ng isang hin sa isang cordero: sa santong lugar ay iyong ibubuhos ang handog na inumin ng inuming nakalalalasing para sa PANGINOON. **8** At ang isang cordero ay iyong ihahandog sa paglubog ng araw: gaya ng handog na harina sa umaga, at gaya ng handog na inumin, iyong ihahandog, isang handog na pinaraan sa apoy, na may masarap na amoy sa PANGINOON.

**9** At sa araw ng sabado ay dalawang corderong lalaki ng unang taon na walang kapintasan, at dalawang ikasampung bahagi ng isang efa ng mainam na harina, na hinaluan ng langis, at ang handog na inumin: **10** ito ang handog na susunugin sa bawat sabado, bukod pa sa palaging handog na susunugin, at ang inuming handog.

**11** At sa mga pasimula ng inyong mga buan kayo'y maghahandog ng handog na susunugin sa PANGINOON; dalawang guyang toro at isang tupang lalaki, pitong corderong lalaki ng unang taon, na walang kapintasan; **12** at tatlong ikasampueng bahagi ng isang *efi* ng mainam na harina na pinakahandog na harina, na hinaluan ng langis sa bawat toro; at dalawang ikasampueng bahagi ng mainam na harina na pinakahandog na harina, na hinaluan ng langis sa isang tupang lalaki; **13** at isang ikasampueng bahagi ng mainam na harina, na hinaluan ng langis na pinakahandog na harina sa bawat cordero; pinakahandog na susunugin na may masarap na amoy, handog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy. **14** At ang kanilang handog na inumin ay kalahati ng isang hin ng alak sa bawat toro, at ang ikatlong bahagi ng isang hin ay sa tupang lalaki, at ang ikaapat na bahagi ng isang hin ay sa cordero; ito ang handog na susunugin sa bawat buan sa lahat ng buan ng taon. **15** At isang kambing na lalaki na pinakahandog sa PANGINOON dahil sa kasalanan; ihahandog ito bukod pa sa palaging handog na susunugin, at sa inuming handog noon.

**16** At sa unang buan, sa ikalabing apat na araw ng buan, ay paskua ng PANGINOON. **17** At sa ikalabing limang araw ng buang ito ay magkakaroon ng isang pista; pitong araw na kakain kayo ng tinapay na walang levadura. **18** Sa unang araw ay magkakaroon kayo ng isang santong kapisanan; huag ninyong gagawin ang ano mang gagawing paglilingkod: **19** kungdi magbahandog kayo sa PANGINOON ng isang handog na pinaraan sa apoy, na pinakahandog na susunugin; dalawang guyang toro, at isang lalaking tupa, at pitong corderong lalaki ng unang taon, na mga walang kapintasan sa inyo; **20** at ang kanilang handog na harina, ng mainam na harina na hinaluan ng langis; tatlong ikasampueng bahagi ay inyong ihahandog para sa isang toro, at dalawang ikasampueng bahagi para sa tupang lalaki; **21** at isang ikasampueng bahagi ay inyong ihahandog para sa bawat cordero, sa pitong cordero; **22** at isang kambing na lalaki na pinakahandog dahil sa kasalanan, upang itubos sa inyo. **23** Inyong ihahandog ang mga ito bukod pa sa handog na susunugin sa unaga, na pinakapalaging handog na susunugin. **24** Ganitong paraan ihahandog ninyo

sa PANGINOON araw-araw, sa loob ng pitong araw, ang pagkain na handog na pinaraan sa apoy, na may masarap na amoy; ihahandog ito bukod sa palaging handog na susunugin, at sa inuming handog. **25** At sa ikapitong araw ay magkakaroon kayo ng isang santong kapisanan; wala kayong gagawing ano mang gagawing paglilingkod.

**26** Gayon din sa araw ng mga unang bunga, paghahandog ninyo ng isang bagong handog na harina sa PANGINOON sa inyong pista sa mga sanlingo, ay magkakaroon kayo ng isang santong kapisanan; huag kayong gagawa ng ano mang gagawing paglilingkod: **27** kungdi kayo'y maghahandog sa PANGINOON ng isang handog na susunugin na may masarap na amoy; dalawang guyang toro, isang tupang lalaki, at pitong corderong lalaki ng unang taon; **28** at ang kanilang handog na harina, na mainam na harina na hinaluan ng langis, tatlong ikasampueng bahagi para sa bawat toro, dalawang ikasampueng bahagi sa tupang lalaki, **29** isang ikasampueng bahagi sa bawat cordero sa pitong cordero; **30** isang kambing na lalaki upang itubos sa inyo. **31** Bukod pa sa palaging handog na susunugin, at sa handog na harina noon, ay inyong mga ihahandog (sa inyo'y magiging walang kapintasan), at ang kanilang mga inuming handog.

**29** At sa ikapitong buan sa unang araw ng buan, kayo'y magkakaroon ng isang santong kapisanan; huag kayong gagawa ng ano mang gagawing paglilingkod; isang araw nga ng paghihip ng mga pakakak sa inyo. **2** At kayo'y maghahandog ng isang handog na susunugin na pinakamasarap na amoy sa PANGINOON, ng isang guyang toro, isang tupang lalaki, pitong corderong lalaki ng unang taon na walang kapintasan; **3** at ang kanilang handog na harina, na mainam na harina, na hinaluan ng langis, tatlong ikasampueng bahagi para sa toro, dalawang ikasampueng bahagi para sa lalaking tupa. **4** at isang ikasampueng bahagi para sa bawat cordero sa pitong cordero; **5** at isang kambing na lalaki na pinakahandog dahil sa kasalanan upang itubos sa inyo; **6** bukod pa sa handog na susunugin sa bagong buan, at sa handog na harina, at sa palaging handog na susunugin, at sa handog na harina, at mga inuming handog ayon sa kanilang palatuntunan, na pinakamasarap na amoy,

na handog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy.

7 At sa ikasampung araw nitong pitong buan, kayo'y magkakaroon ng isang santong kapisanan; at inyong pagdadala-lambatiin ang inyong mga kalulus; huag kayong gagawa ng ano mang gagawin: 8 kungdi kayo'y maghahandog sa PANGINOON ng isang handog na susunugin na pinakamasarap na amoy; isang guyang toro, isang tupang lalaki, pitong corderong lalaki ng unang taon; na mga walang kapintasan sa inyo: 9 at ang kanilang handog na harina, na mainam na harina nahinaluan ng langis, tatlong ikasampung bahagi para sa toro, dalawang ikasampung bahagi sa isang tupang lalaki, 10 isang ikasampung bahagi sa bawat cordero sa pitong cordero: 11 isang kambing na lalaki na pinakahandog dahil sa kasalanan, bukod pa sa handog dahil sa kasalanan na pangitubos at sa palaging handog na susunugin, at sa handog na harina, at sa kanilang mga inuming handog.

12 At sa ikalabing limang araw ng ikapitong buan, magkakaroon kayo ng isang santong kapisanan; huag kayong gagawa ng ano mang gagawing paglilingkod, at inyong ipangilingin ang isang pista sa PANGINOON na pitong araw: 13 at inyong ihahandog sa PANGINOON ang isang handog na susunugin, na pinakahandog na pinaraan sa apoy na may masarap na amoy; labing tatlong guyang toro, dalawang tupang lalaki, labing apat na corderong lalaki ng unang taon; na mga walang kapintasan: 14 at ang handog na harina ng mga yaon, na mainam na harina na hinaluan ng langis, tatlong ikasampung bahagi para sa bawat toro, sa labing tatlong toro, dalawang ikasampung bahagi sa bawat tupang lalaki sa dalawang tupang lalaki, 15 at isang ikasampung bahagi sa bawat cordero, sa labing apat na cordero: 16 at isang kambing na lalaki na pinakahandog dahil sa kasalanan; bukod pa sa palaging handog na susunugin, at sa handog na harina at sa inuming handog.

17 At sa ikalawang araw kayo'y maghahandog ng labing dalawang guyang toro dalawang tupang lalaki, labing apat na corderong lalaki ng unang taon na walang kapintasan: 18 at ang kanilang handog na harina, at ang kanilang mga inuming handog para sa mga toro, sa mga tupang lalaki, at sa mga cordero ayon sa bilang

nila, alinsunod sa palatuntunan: 19 at isang kambing na lalaki na pinakahandog dahil sa kasalanan; bukod pa sa palaging handog na susunugin, at sa handog na harina, at sa kanilang mga inuming handog.

20 At sa ikatlong araw ay labing isang toro, dalawang tupang lalaki, labing apat na corderong lalaki ng unang taon na walang kapintasan; 21 at ang kanilang handog na harina at ang kanilang mga inuming handog para sa mga toro, sa mga tupang lalaki, at sa mga cordero, ayon sa kanilang bilang, alinsunod sa palatuntunan: 22 at isang kambing na lalaki na pinakahandog dahil sa kasalanan; bukod pa sa palaging handog na susunugin, at sa handog na harina noon, at sa inuming handog noon. 23 At sa ikaapat na araw ay sampung toro, dalawang tupang lalaki, labing apat na corderong lalaki ng unang taon na walang kapintasan: 24 ang kanilang handog na harina at ang kanilang mga inuming handog para sa mga toro, sa mga tupang lalaki, at sa mga cordero ayon sa kanilang bilang, alinsunod sa palatuntunan: 25 at isang kambing na lalaki na pinakahandog dahil sa kasalanan; bukod pa sa palaging handog na susunugin, sa handog na harina, at sa inuming handog.

26 At sa ikalimang araw ay siam na toro, dalawang tupang lalaki, labing apat na corderong lalaki ng unang taon na walang kapintasan: 27 at ang kanilang handog na harina at ang kanilang mga inuming handog sa mga toro, sa mga tupang lalaki, at sa mga cordero, ayon sa kanilang bilang, alinsunod sa palatuntunan: 28 at isang kambing na lalaki na pinakahandog dahil sa kasalanan; bukod pa sa palaging handog na susunugin, at sa handog na harina, at sa handog na inumin.

29 At sa ikaanim na araw, ay walong toro, dalawang tupang lalaki, labing apat na corderong lalaki ng unang taon na walang kapintasan: 30 at ang kanilang handog na harina at ang kanilang mga inuming handog dahil sa mga toro, sa mga tupang lalaki at sa mga cordero, ayon sa kanilang bilang, alinsunod sa palatuntunan: 31 at isang kambing na lalaki na pinakahandog dahil sa kasalanan; bukod pa sa palaging handog na susunugin, sa handog na harina, at sa mga inuming handog.

32 At sa ikapitong araw ay pitong toro,

dalawang tupang lalaki, labing apat na corderong lalaki ng unang taon na walang kapintasan: **33** at ang kanilang handog na harina at ang kanilang mga inuming handog dahil sa mga toro, dahil sa mga tupang lalaki, at sa mga cordero, ayon sa bilang ng mga yaon, alinsumod sa palatuntunan: **34** at isang kambing na lalaki na pinakahandog dahil sa kasalanan; bukod pa sa palaging handog na susunugin, sa handog na harina, at sa inuming handog.

**35** Sa ikawalong araw, kayo'y magkakaroon ng isang dakilang kapisanan; huag kayong gagawa ng ano mang gagawing paghilingkod; **36** kungdi kayo'y maghahandog ng isang handog na susunugin, na isang handog na pinaraan sa apoy na may masarap na amoy sa PANGINOON: isang toro, isang tupang lalaki, pitong corderong lalaki ng unang taon, na walang kapintasan: **37** ang kanilang handog na harina at ang kanilang mga inuming handog dahil sa toro, sa lalaking tupa, at sa mga cordero, ayon sa bilang ng mga yaon, alinsumod sa palatuntunan: **38** at isang kambing na lalaki na pinakahandog dahil sa kasalanan; bukod pa sa palaging handog na susunugin, at sa handog na harina, at sa inuming handog.

**39** Ang mga ito, ang inyong ilahandog sa PANGINOON, sa inyong mga dakilang kapistahan, bukod pa sa inyong mga panata, at sa inyong mga kusang handog dahil sa inyong mga handog na susunugin, at sa inyong mga handog na harina, at sa inyong mga inuming handog, at sa inyong mga handog tungkol sa kapayapaan. **40** At isinaysay ni Moises sa mga anak ng Israel, ayon sa lahat ng iniutos ng PANGINOON kay Moises.

**30** At si Moises ay nagsalita sa mga pangulo ng mga angkan ng mga anak ng Israel, na nagsabing: Ito ang bagay na iniutos ng PANGINOON. **1** Pagka ang isang lalaki ay nagpanata ng isang panata sa PANGINOON, o nanumpa ng isang sumpa, upang talian niya ang kaniyang kalulua ng isang tali, ay huag niyang sisirain ang kaniyang salita; kaniyang gaganapin ayon sa lahat ng binitawan ng kaniyang bibig. **2** Pagka ang isang babaye naman ay nagpanata ng isang panata sa PANGINOON, at nagtali sa kaniyang sarili ng isang tali, na nasa bahay ng kaniyang ama, sa kaniyang kadagahayan; **4** at narinig ng kaniyang ama ang kaniyang panata, at ang kaniyang tali

na kaniyang itinali sa kaniyang kalulua, at ang kaniyang ama ay hindi umimik sa kaniya: kung gayon ang lahat niyang panata ay matitindig, at ang bawa't tali na kaniyang itinali sa kaniyang kalulua ay matitindig. **5** Ngunit kung sawayin siya ng kaniyang ama sa araw na marinig; alinman sa kaniyang panata, o sa kaniyang tali na kaniyang itinali sa kaniyang kalulua, hindi matitindig; at patatawarin siya ng PANGINOON, sapagka't sinaway siya ng kaniyang ama. **6** At kung siya'y mag-asawa samantalang ang kaniyang mga panata ay sumasakaniya o ang pangakong binitawan ng kaniyang mga labi na kaniyang itinali sa kaniyang kalulua; **7** at marinig ng kaniyang asawa, at hindi umimik sa kaniya sa araw na marinig ayon: kung gayon ang kaniyang mga panata ay matitindig, at ang kaniyang mga tali na kaniyang itinali sa kaniyang kalulua ay matitindig. **8** Ngunit kung sawayin siya ng kaniyang asawa sa araw na marinig yaon; kung gayon ay kaniyang wawalan ng kabuluhan ang kaniyang panata na sumasakaniya, at ang nabitawang pangako ng kaniyang mga labi na ipinanali niya sa kaniyang kalulua: at patatawarin siya ng PANGINOON. **9** Ngunit ang patana ng isang babayang bao, o ng isang inihawalay sa kaniyang asawa, bawa't bagay na kaniyang itinali sa kaniyang kalulua, ay matitindig laban sa kaniya. **10** At kung siyang nagpanata sa babay ng kaniyang asawa, o kaniyang tinalian ang kaniyang kalulua ng isang tali na kaakbay ng isang sumpa, **11** at narinig ng kaniyang asawa, at hindi umimik sa kaniya, at hindi sinaway siya; kung gayon ang lahat niyang panata ay matitindig, at bawa't tali na kaniyang itinali sa kaniyang kalulua ay matitindig. **12** Ngunit kung niwalan ng kabuluhan ng kaniyang asawa sa araw na mga marinig niya; kung gayon ano mang bagay na mula sa kaniyang mga labi tungkol sa kaniyang mga panata, o tungkol sa tali ng kaniyang kalulua, hindi matitindig: mga niwalan ng kabuluhan ng kaniyang asawa; at patatawarin siya ng PANGINOON. **13** Bawa't panata o bawa't taling may sumpa, na makapagpapadalamlali ng kalulua, mapagtitibay ng kaniyang asawa, o mapawawalan ng kabuluhan ng kaniyang asawa. **14** Ngunit kung ang kaniyang asawa ay hindi umimik sa kaniya sa araw-araw; kung gayon kaniyang pinagtitibay ang lahat niyang pa-

nata, o ang lahat niyang tali, na mga sumasakaniya: kaniyang mga pinagtiti-bay, sapagka't siya'y hindi umimik ng araw ng kaniyang mga marinig. 15 Nguni't kung kaniyang mga pawawalan ng kabuluhan pagkatapos na kaniyang mga marinig, kung gayo'y papasanin niya ang kasam-an ng *asawa*. 16 Ito ang mga palatuntunan na iniutos ng PANGINOON kay Moises, na dapat palakarin sa babaye at sa kaniyang asawa, sa ama at sa kaniyang anak na babaye, na nasa kaniyang kadalagahan, sa bahay ng kaniyang ama.

**31** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: 2 Manhiganti ka sa mga anak ng Israel ng mga Madianita; pagkatapos nito'y masasama ka sa iyong bayan. 3 At si Moises ay nagsalita sa bayan, na nagsabing: Mag-sipagsandata kayo mga lalaki sa pakikipagbaka, at magsiyaan sila labans sa Madian, upang gawin ang panghihiganti ng PANGINOON laban sa Madian. 4 Sa bawa't angkan ay isang libo, sa lahat ng angkan ng Israel, ang ipadadala ninyo sa pakikipagbaka. 5 Sa gayo'y ang mga napili sa libolibong taga Israel, isang libo sa bawa't angkan, labing dalawang libo ngang nasasakbatan sa pakikipagbaka. 6 At mga ipinadala ni Moises, ang isang libo sa bawa't angkan, sa pakikipagbaka, sila at si Fineas na anak ni Eleazar na sacerdote, sa pakikipagbaka, na dala ang mga kasangkapan ng santuario, at ang mga pakakak ng hudyatan. 7 At sila'y nakipagbaka laban sa Madian, gaya ug iniutos ng PANGINOON kay Moises; at kanilang pinatay ang lahat ng lalaki. 8 At pinatay nila ang mga hari sa Madian na kasama ng mga napatay: Si Evi at si Rekem, at si Zur, at si Hur, at si Reba, limang hari sa Madian: Si Balaam man na anak ni Beor ay kanilang pinatay ng tabak. 9 At binihag ng mga anak ng Israel ang mga babaye sa Madian at ang kanilang mga bata; at ang lahat nilang hayop at ang lahat nilang inaaring kawan, at ang lahat nilang pag-aari ay kanilang sinamsam. 10 At ang lahat nilang ciudad sa mga lugar na kanilang tinatahan at ang lahat nilang mga tstayuan, ay kanilang sinunog ng apoy. 11 At kanilang dinala ang lahat ng kanilang nakuha, at ang lahat ng kanilang nasamsam, maging sa tawo at maging sa hayop. 12 At kanilang dinala ang mga bihag, at ang nasamsam, at ang nakuha kay Moises, at kay Eleazar na sacerdote, at sa kapu-

lungan ng mga anak ng Israel, sa kampo-pamento sa mga kapatagan ng Moab, na nasa tabi ng Jordan sa Jeriko.

13 At si Moises at si Eleazar na sacerdote, at ang lahat ng pangulo sa kapulu-ngan, ay nagsilabas na sinalubong sila sa labas ng kampo-pamento. 14 At si Moises ay nag-init sa mga puno ng hukbo, sa mga kapitan ng libolibo at sa mga kapitan ng daandaan, na nagsipaugaling sa paglilingkod sa pakikipagbaka. 15 At si Moises ay nagsabi sa kanilang: *¿Iniligtas ba ninyo ang bahay ng lahat ng mga babaye?* 16 Narito't sila'y naging sanhi, sa payo ni Balaam, upang ang mga anak ng Israel ay sumalangsang laban sa PANGINOON sa bagay ng Peor, at sa gayon ang salot ay sumakapulongan ng PANGINOON. 17 Ngayon nga ay patayin ninyo ang lahat ng lalaki sa gitna ng mga bata, at patayin ninyo ang bawa't babaye, na nakakilala ng pakikilakip sa lalaki. 18 Nguni't ang lahat ng batang babaye na hindi nakakilala ng pakikilakip sa lalaki ay ingatan ninyo ang buhay sa ganang inyo. 19 At matira kayo sa labas ng kampo-pamento na pitong araw: Sino man sa inyo na pumatay ng sino mang tawo, at sino man sa inyo na humipo ng ano mang pinatay, kayo'y magpalinis sa ikatlong araw at sa ikapitong araw, kayo at ang inyong mga bihag. 20 At tungkol sa bawa't kasuotan, at sa lahat ng vari na balat, at sa lahat ng gagawing *bakalibo* ng kambing, at sa lahat ng mga bagay na yaring kahoy, mga pakakalinisin ninyo sa ganang inyo. 21 At si Eleazar na sacerdote ay nagsabi sa mga lalaki ng hukbo na nagsiparoon sa pakikipagbaka: Ito ang palatuntunan ng kautusan na iniutos ng PANGINOON kay Moises: 22 gayon ma'y ang ginto at ang pilak, ang tanso, ang bakal, ang lata, at ang tinga, 23 bawa't bagay na binabata ang apoy, inyong pararaanin sa apoy, at magiging malinis; gayon ma'y iuyong lalinisin ng tubig na pangpahiwalay: at ang lahat na hindi binabata ang apoy, inyong pararaanin sa tubig. 24 At inyong lalabhan ang inyong mga damit sa ikapitong araw, at kayo'y magiging malinis, at pagkatapos nito'y makapapasok kayo sa kampo-pamento.

25 At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: 26 Bilangin mo ang samsam na nakuha sa tawo at gayon din sa hayop, mo at ni Eleazar na sacerdote, at ng mga pangulo sa mga

*bahay* ng mga magulang ng kapulungan: **27** at hatlin mo ang samsam ng dalawang bahagi; sa mga lalaking bihasang nakipagbaka na nagsilabas sa pakikipagbaka, at sa boong kapulungan: **28** at ipaglagay mo ng buis sa PANGINOON ang mga lalaking nakipagbaka na nagsilabas sa pakikipagbaka: isang tawo sa bawat limang daan, sa mga tawo at gayon din sa mga hayop, at sa mga asno at sa mga kawan: **29** sa kalahating nauukol sa kanila, kukunin mo at ibibigay mo kay Eleazar na sacerdote na pinakahadog na itinaas sa PANGINOON. **30** At sa kalahati na nauukol sa mga anak ng Israel, ay kunin mo ang isang nakuha sa bawat limang puo, sa mga tawo, sa mga baka, sa mga asno, at sa mga kawan, sa lahat ng hayop, at mga ibigay mo sa mga Levita, na namamahala ng katungkulan sa tabernakulo ng PANGINOON. **31** At ginawa ni Moises at ni Eleazar na sacerdote, gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises. **32** At ang samsam, bukod pa sa nasamsam ng mga tawong nakipagbaka, ay anim na raan at pitong puo't limang libong tupa, **33** at pitong puo't dalawang libong baka, **34** at anim na puo't isang libong asno, **35** at tatlong puo't dalawang libong tawo sa lahat, sa mga babaye na hindi mga nakakilala ng pakikilakip sa lalaki. **36** At ang kalahati, na siyang bahagi niyaong mga nagsilabas sa pakikipagbaka ay umaabot sa bilang na tatlong daan at tatlong puo't pitong libo at limang daang tupa: **37** at ang kabuisang tupa sa PANGINOON, ay anim na raan at pitong puo't lima. **38** At ang mga baka ay tatlong puo't anim na libo; na ang kabuisan sa PANGINOON ay pitong puo't dalawa. **39** At ang mga asno ay tatlong puong libo at limang daan; na ang buis sa PANGINOON ay anim na puo't isa. **40** At ang mga tawo ay labing anim na libo; na ang buis sa PANGINOON ay tatlong puo't dalawang tawo. **41** At ibinigay ni Moises ang buis na sa handog na itinaas sa PANGINOON, kay Eleazar na sacerdote, gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises. **42** At ang kalahati na nauukol sa mga anak ng Israel, na inihwalay ni Moises, sa mga tawong nakipagbaka, **43** ang kalahati nga na nauukol sa kapulungan, ay tatlong daan at tatlong puo't pitong libo at limang daang tupa. **44** at tatlong puo't anim na libong baka, **45** at tatlong puong libo't limang daang asno, **46** at labing anim na libong tawo);

**47** sa kalahati na nauukol sa mga anak ng Israel, ay kinuha ni Moises ang isang nakuha sa bawat limang puo, sa tawo at gayon din sa hayop, at mga ibinigay sa mga Levita, na namamahala sa katungkulan sa tabernakulo ng PANGINOON; gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises. **48** At ang mga oficial na namamahala sa libolihong hukbo, ang mga kapitan ng mga libobhin, at ang mga kapitan ng dadaanim, ay nangagsilapit kay Moises: **49** at sila'y nagsabi kay Moises: Binilang ng iyong mga alipin ang mga lalaking nakipagbaka na nasa aming kapangyarihan, at walang kulang kahi't isa man sa amin. **50** At aming dinala na pinaaalay sa PANGINOON, ang nakuha ng bawat lalaki, na mga hiyas na ginto, mga tanikala sa bukongbukong, at mga pulsera, singsing na pinakatanda, mga hikaw at mga kuintas sa leeg upang itubos sa aming mga kalulua sa harap ng PANGINOON. **51** At kinuha ni Moises at ni Eleazar na sacerdote ang ginto nila, lahat ng mga hiyas na dalisay. **52** At ang kabuuang ginto ng handog na itinaas, na kanilang inihandog sa PANGINOON, ng mga kapitan ng mga libobhin, at ng mga kapitan ng dadaanim, ay labing anim na libo at pitong daan at limang puong siklo. **53** Napagkat ang mga lalaki na nakipagbaka ay nag-owi ng samsam, ang bawat isa ng sa kaniyang sarili. **54** At kinuha ni Moises at ni Eleazar na sacerdote ang ginto ng mga kapitan ng mga libobhin at ng mga dadaanim, at isinilid yaon sa dampa ng kapisanan, sa mga pinakaalaala sa mga anak ng Israel sa harap ng PANGINOON.

**32** Ang mga anak nga ni Ruben, at ang mga anak ni Gad ay mairuong napakaraming hayop: at ng kanilang makita ang lupain ng Jazer at ang lupain ng Gilead, na, narito, ang lugar ay lugar para sa hayop; 2 ang mga anak ni Gad at ang mga anak ni Ruben ay nagsiparoon at nagsalita kay Moises, at kay Eleazar na sacerdote, at sa mga pangulo ng kapulungan, na nag-abing: 3 Ang Atarot, at ang Dilon, at ang Jazer, at ang Nimra, at ang Heben, at ang Eleale, at ang Sebam, at ang Nebo, at ang Beon, 4 na lupain siangatan ng PANGINOON sa harap ng kapulungan ng Israel, ay lupain para sa hayop, at ang iyong alipin ay may mga hayop. 5 At sila'y nagsabing: Kung kami ay nakasumpung ng biyaya sa iyong paningin, ibigay mo ang lupain ito sa iyong

mga alipin na pinakaari; huag mo kaming paraanin sa Jordan, **6** At sinabi ni Moises sa mga anak ni Gad, at sa mga anak ni Ruben, na: **6** Paroroon бага ang inyong mga kapatid sa pakikipagbaka, at kayo'y mailwan dito? **7** At **7** bakit pinapanghina ninyo ang loob ng mga anak ng Israel, upang huag magpatuloy sa lupain na ibinigay ng PANGINOON sa kanila? **8** Gayon ang ginawa ng inyong mga magulang ng sila'y aking suguin, mula sa Kades-barnea upang tiktikan ang lupain. **9** Sapagka't ng sila'y makaakyat sa libis ng Eskol at matiktikan ang lupain, kanilang pinapanghina ang loob ng mga anak ng Israel, upang huag silang pumasok sa lupain na ibinigay ng PANGINOON sa kanila. **10** At ang galit ng PANGINOON ay nagingas ng araw na yaon, at sumumpa na sinabing. **11** Tunay na ang mga tawong yaon na umakyat sa Egipto, mula sa dalawang puong taong gulang hangang sa katandatandaan, hindi makikita ang lupain na aking isinumpa kay Abraham at kay Isaak at kay Jakob; sapagka't sila'y hindi lubos na sumunod sa akin: **12** liban si Kaleb na anak ni Jefune na Kenizeo, at si Josue na anak ni Nun: sapagka't sila'y sumunod na lubos sa PANGINOON. **13** At ang galit ng PANGINOON ay nagingas laban sa Israel, at kaniyang ginawang palaboy sila sa ilang, na apat na puong taon hangang sa ang boong lahing yaon na gumawa ng masama sa paningin ng PANGINOON, ay nalipol. **14** At narito, kayo'y nagsipagtindig na kahalili ng inyong mga magulang, isang bunga ng mga tawong makasalanan, upang dagdagan ninyo pa ang bagsik ng galit ng PANGINOON sa Israel. **15** Sapagka't kung kayo'y magsipagbalik sa pagsunod sa kaniya ay kaniyang iiwang muli sila sa ilang; at inyong lilipulin ang boong bayang ito. **16** At sila'y nagsilapit sa kaniya, at nagsabing: Gagawa kami rito ng mga kulungan para sa aming mga hayop, at ng mga ciudad para sa aming mga bata: **17** nguni't kami ay magsisipagsandata upang pumaroon sa mga harap ng mga anak ng Israel, hangang sa aming maipasok sa kanilang lugar: at ang aming mga bata ay magsisitahan sa mga ciudad na nakukutaan dahil sa mga nagsisitahan sa lupain. **18** Kami ay hindi magsisibalik sa aming mga bahay, hangang sa ang mga anak ng Israel ay magari ang bawa't lalaki ng kaniyang sariling pag-aari. **19** Sapagka't hindi kami mag-

mamana na kasama nila sa kabilang ibayo ng Jordan, at sa dako pa roon; sapagka't ang aming mana ay nahulog sa amin dito sa dakong silanganang ito ng Jordan. **20** At si Moises ay nagsabi sa kanilang: Kung gagawin ninyo ang bagay na ito; kung kayo'y magsisipagsandata upang pumaroon sa harap ng PANGINOON sa pakikipagbaka, **21** at bawa't lalaking sa inyo ay daraan sa Jordan sa harap ng PANGINOON, hangang sa kaniyang mapalayas ang kaniyang mga kaaway sa harap niya, **22** at ang lupain ay mapasuko sa harap ng PANGINOON: kung gayo'y pagkatapos ay kayo'y makabalalik, at magiging walang kasalanan sa PANGINOON, at sa Israel; at ang lupaing ito ay magiging inyong pag-aari sa harap ng PANGINOON. **23** Nguni't kung hindi ninyo gawing gayon, narito, kayo'y nagkasala laban sa PANGINOON: at talastasin ninyo na ang inyong kasalanan ay uusigin kayo. **24** I-gawa ninyo ng mga ciudad ang inyong mga bata, at ng mga kulungan para sa inyong mga tupa; at gawin ninyo yaong binitawan ng inyong bibig. **25** At ang mga anak ni Gad at ang mga anak ni Ruben ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: Gagawin ng inyong mga alipin gaya ng iniutos ng aking panginoon. **26** Ang aming mga bata, ang aming mga asawa, ang aming kawan at ang aming boong hayop ay matitira doon sa mga ciudad ng Gilead: **27** nguni't ang inyong mga alipin ay magsisidaan, labat ng lalaki na may sakbat sa pakikipagbaka, sa harap ng PANGINOON upang makipagbaka, gaya ng sinasabi ng aking panginoon.

**28** Sa gayo'y binigyan ng katungkulan ni Moises tungkol sa kanila si Eleazar na sacerdote, at si Josue na anak ni Nun, at ang mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang ng mga angkan ng mga anak ng Israel. **29** At sinabi sa kanila ni Moises: Kung ang mga anak ni Gad at ang mga anak ni Ruben ay magsidaang kasama ninyo sa Jordan, ang lahat ng lalaki na may sakbat sa pakikipagbaka, sa harap ng PANGINOON, at ang lupain ay mapasusuko sa harap ninyo; kung gayo'y ibibigay ninyo sa kanila ang lupain ng Gilead na pinakaari: **30** nguni't kung sila'y hindi dumaang kasama ninyo na may sakbat, sila'y magkakaroon ng pag-aari sa kasamahan ninyo sa lupain ng Kanaan. **31** At ang mga anak ni Gad at ang mga anak ni Ruben ay nagsisagot, na nagsabing: Kung paano ang sinabi

ng PANGINOON sa iyong mga alipin, gayon ang gagawin namin. **32** Kami ay daraang may sabbat sa harap ng PANGINOON sa lupain ng Kanaan, at ang pag-aaring aming mana ay *malitira* sa amin sa dako pa roon ng Jordan. **33** At ibinigay ni Moises sa kanila, sa mga anak ni Gad, at sa mga anak ni Ruben, at sa kalahati ng angkan ni Manases na anak ni Jose, ang kaharian ni Sibon na hari ng mga Amorreo, at ang kaharian ni Og na hari sa Basan, ang lupain ayon sa mga ciudad noon, sa loob ng *kanilang* mga hangganan, ang mga ciudad sa palibot ng lupain. **34** At ginawa ng mga anak ni Gad ang Dibon, at ang Atarot, at ang Aroer; **35** at ang Atrot-sofan, at ang Jazur, at ang Jogbeha; **36** at ang Betuimra at ang Bet-aaran: na mga ciudad na nakukutaan, at *gunawa rin sila ng* mga kulungaan ng mga tupa. **37** At ginawa namau ng mga anak ni Ruben ang Hesbon, at ang Eleale, at ang Kiriataim; **38** at ang Nebo, at ang Baalmeon, (na ang pangalan ng mga yaon ay binago,) at Sibma: at nilagyan ng ibang mga pangalan ang mga ciudad na kanilang ginawa. **39** At ang mga anak ni Makir na anak ni Manases ay nagsiparoon sa Gilead, at sinakop, at sinausaman ang mga Amorreo na naudoon. **40** At ibinigay ni Moises ang Gilead kay Makir na anak ni Manases; at kaniyang tinahanan. **41** At si Jair na anak ni Manases ay naparoon at sinakop ang mga bayan noon at mga tinawag na Havvotih-jair. **42** At si Noba ay naparoon at sinakop ang Kenat, at ang mga bayan noon, at tinawag na Noba ayon sa kaniyang sariling pangalan.

**33** Ito ang mga paglalakbay ng mga anak ng Israel, ng sila'y mag-silabas sa lupain ng Egipto, ayon sa kanilang mga hukbo sa ilalim ng kapang-yarihan ni Moises at ni Aaron. **2** At isinulat ni Moises ang kanilang mga pagalis ayon sa kanilang mga paglalakbay alinsunod sa utos ng PANGINOON: at ito ang kanilang mga paglalakbay ayon sa kanilang mga pag-alis. **3** At sila'y nagsipag-lakbay mula sa Rameses sa unang buan sa ikalabing limang araw ng unang buan; ng kinabukasan pagkatapos ng paskua ang mga anak ng Israel ay nagsilalis na may kamay na nakataas sa painingin ng lahat na mga taga Egipto, **4** samantalang inililibing ng lahat ng taga Egipto

ang lahat ng kanilang panganay, na sinugatan ng PANGINOON sa gitna nila: ang kanilang mga dios naman ay mga hinatulan din ng PANGINOON. **5** At ang mga anak ng Israel ay naglakbay mula sa Rameses at nagtayo ng *kampamento* sa Sukot. **6** At sila'y naglakbay mula sa Sukot, at nagtayo sa Etam, na nasa katapusan ng ilang. **7** At sila'y naglakbay mula sa Etam, at lumiko sa Pi-hahiro, na nasa tapat ng Baal-zefon: at nagtayo sa harap ng Migdol. **8** At sila'y naglakbay mula sa harap ng Hahiro, at nagsipagdaan sa gitna ng dagat hangang sa ilang: at sila'y naglakbay na tatlong araw sa ilang ng Etam at nagtayo sa Mara. **9** At sila'y naglakbay mula sa Mara, at dumating sa Elim: at sa Elim ay may labing dalawang buklat ng tubig at pitong puong puno ng palma; at sila'y nagtayo roon. **10** At sila'y naglakbay mula sa Elim, at nagtayo sa tabi ng Dagat na Mapula. **11** At sila'y naglakbay mula sa Dagat na Mapula, at nagtayo sa ilang ng Sin. **12** At sila'y naglakbay mula sa ilang ng Sin, at nagtayo sa Dofka. **13** At sila'y naglakbay mula sa Dofka, at nagpahinga sa Alus. **14** At sila'y naglakbay mula sa Alus at nagpahinga sa Refidin, saan nga walang tubig na mainaman ang laman. **15** At sila'y naglakbay mula sa Refidin, at nagtayo sa ilang ng Sinai. **16** At sila'y naglakbay mula sa ilang ng Sinai, at nagtayo sa Kibrot-hataava. **17** At sila'y naglakbay mula sa Kibrot-hataava, at nagtayo sa Hazerot. **18** At sila'y naglakbay mula sa Hazerot, at nagtayo sa Ritna. **19** At sila'y naglakbay mula sa Ritna, at sila'y nagtayo si Rimon-perez. **20** At sila'y naglakbay mula sa Rimon-perez, at nagtayo sa Libna. **21** At sila'y naglakbay mula sa Libna at nagtayo sa Rissa. **22** At sila'y naglakbay mula sa Rissa, at nagtayo sa Keelata. **23** At sila'y naglakbay mula sa Keelata, at sila'y nagtayo sa bundok ng Sefer. **24** At sila'y naglakbay mula sa bundok ng Sefer, at nagtayo sa Harada, at nagtayo sa Makelot. **25** At sila'y naglakbay mula sa Harada, at nagtayo sa Makelot, at nagtayo sa Tahat. **26** At sila'y naglakbay mula sa Tahat, at sila'y nagtayo sa Tera. **27** At sila'y naglakbay mula sa Tera, at nagtayo sa Mitka. **28** At sila'y naglakbay mula sa Mitka, at sila'y nagtayo sa Asmona. **29** At sila'y naglakbay mula sa Asmona, at sila'y nagtayo sa Moserot. **30** At sila'y naglakbay mula sa Moserot, at sila'y naglakbay mula sa Moserot, **31** At sila'y naglakbay mula sa Moserot,



at sila'y nagtayo sa Bene-jaakan. **32** At sila'y naglakbay mula sa Bene-jaakan, at sila'y nagtayo sa Hor-hagidgad. **33** At sila'y naglakbay mula sa Hor-hagidgad, at sila'y nagtayo sa Jotbata. **34** At sila'y naglakbay mula sa Jotbata, at nagtayo sa Abrona. **35** At sila'y naglakbay mula sa Abrona, at nagtayo sa Ezion-geber. **36** At sila'y naglakbay mula sa Ezion-geber, at sila'y nagtayo sa ilang ng Zin (na siya ring Kades). **37** At sila'y naglakbay mula sa Kades, at sila'y nagtayo sa bundok ng Hor, sa katapusan ng lupain ng Edom. **38** At si Aarong sacerdote ay umakyat sa bundok ng Hor sa utos ng PANGINOON, at namatay doon, sa ikaapat na puong taon, pagkaalis ng mga anak ng Israel sa lupain ng Egipto, sa ikalimang buan, ng unang araw ng buan. **39** At si Aaron ay may isang daan at dalawang puot' tatlong taon ng siya'y matatay sa bundok ng Hor. **40** At ang Kanaano na hari sa Arad, na tumatahan sa Timugan, sa lupain ng Kanaan, ay narinig ang pagdating ng mga anak ng Israel. **41** At sila'y naglakbay mula sa bundok ng Hor, at sila'y nagtayo sa Zalmona. **42** At sila'y naglakbay mula sa Zalmona, at sila'y nagtayo sa Punon. **43** At sila'y naglakbay mula sa Punon, at sila'y nagtayo sa Obot. **44** At sila'y naglakbay mula sa Obot, at sila'y nagtayo sa Iye-abarim, sa hanganan ng Moab. **45** At sila'y naglakbay mula sa Iyim, at sila'y nagpahinga sa Dibon-gad. **46** At sila'y naglakbay mula sa Dibon-gad, at sila'y nagtayo sa Almon-diblataim. **47** At sila'y naglakbay mula sa Almon-diblataim, at sila'y nagtayo sa mga bundok ng Abarim, sa harap ng Nebo. **48** At sila'y naglakbay mula sa mga bundok ng Abarim, at sila'y nagtayo sa mga kapatagan ng Moab, sa tabi ng Jordan, sa tapat ng Jeriko. **49** At sila'y nagtayo sa tabi ng Jordan, mula sa Betjesimot hangang sa Abel-sitim, sa mga kapatagan ng Moab.

**50** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises sa mga kapatagan ng Moab sa tabi ng Jordan, sa tapat ng Jeriko, na nagsabing: **51** Salitain mo sa mga anak ng Israel, at sabihin mo sa kanilang: Pagdaraan ninyo sa Jordan sa lupain ng Kanaan, **52** inyo ngang palalayasin ang lahat ng nananahan sa lupain mula sa harap ninyo, at inyong sisirain ang lahat ng kanilang mga batong hinichurahan, at inyong sisirain ang lahat ng kanilang

mga larawang binubo, at inyong gigibain ang lahat ng kanilang mataas na lugar: **53** at inyong aariin ang lupain, at tatanhan kayo doon: sapagka't sa inyo akong ibinigay ang lupain upang ariin. **54** At inyong aariin ang lupain sa sapalaran ayon sa inyong mga kamag-anakan; sa marami ay magbibigay kayo ng maraming mana, at sa kaonti ay magbibigay kayo ng kaonting mana: kung kanino mahulog ang palad sa bawat isa, yaon ang magiging kaniya; ayon sa mga angkan ng inyong mga magulang ay inyong mamanahin. **55** Nguni't kung hindi ninyo palalayasin ang mga nananahan sa lupain mula sa harap ninyo, ang mga yaon nga na inyong ititira sa kanila ay magiging parang mga tibo sa inyong mga mata, at parang mga tinik sa inyong mga tagiliran, at kanilang babagabagin kayo sa lupain na inyong tinatahanan. **56** At mangyayari, na kung ano ang iniisip kong gawin sa kanila, gayon ang gagawin ko sa inyo.

**34** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: **2** Iutos mo sa mga anak ng Israel, at sabihin mo sa kanilang: Pagpasok ninyo sa lupain ng Kanaan, (ito ang lupaing mahulog sa inyo na pinakamana, ang lupain ng Kanaan ayon sa kaniyang mga hanganan), **3** kung gayon ang inyong timugang ikaapat ay magiging mula sa ilang ng Zin hangang sa tagiliran ng Edom, at ang inyong timugang hanganan ay magiging mula sa katapusan ng Dagat na Alat sa dakong silanganan: **4** at ang inyong hanganan ay liliko sa dakong timugan sa pag-akyat ng Akrabim, at magpapatuloy hangang sa Zin: at ang mga labasan noon ay magiging sa dakong timugan ng Kades-barnea; at mula dito ay aakyat sa Hazar-adar, at magpapatuloy sa Azmon: **5** at ang hanganan ay liliko mula sa Azmon hangang sa batis ng Egipto, at ang mga labasan noon ay magiging sa dagat. **6** At ang magiging inyong kalunurang hanganan ay ang malaking dagat at ang baybayin noon: ito ang magiging inyong kalunurang hanganan. **7** At ito ang magiging inyong hilagaang hanganan: mula sa malaking dagat ay inyong babagtasin ang bundok ng Hor: **8** mula sa bundok ng Hor ay inyong babagtasin ang pasukan ng Hamat; at ang magiging mga labasan ng hanganan ay magiging sa Zedad: **9** at ang magiging hanganan ay lalabas sa Zifron,

at ang magiging mga labanan noon, ay ang Hazar-euan: Ito ang magiging inyong hilagaang hanganan. **10** At inyong babagtasin ang inyong silanganang hanganan mula sa Hazar-euan hangang Sefan: **11** at ang hanganan ay bababa mula sa Sefan hangang sa Ribla, sa dakong silanganang ng Ain; at ang hanganan ay bababa at aabot hangang sa tagiliran ng dagat ng Cineret, sa dakong silanganang: **12** at ang hanganan ay bababa sa Jordan, at ang magiging mga labasan noon ay aabot sa Dagat na Alat: ito'y magiging inyong lupain, ayon sa mga hanganan noon sa palibot. **13** At si Moises ay nag-utos sa mga anak ng Israel, na nagsabing: Ito ang lupain na inyong mamanahin sa pamamagitan ng sapalaran, na iniutos ng PANGINOON na ibigay sa siam na angkan, at sa kalahating angkan ni Manases: **14** sapagka't ang angkan ng mga anak ni Ruben ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, at ang angkan ng mga anak ni Gad ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, ay nagsitangap na, at gayon din nama: ang kalahating angkan ni Manases ay nagsitangap na, ng kanilang mana: **15** ang dalawang angkan ito, at ang kalahating angkan ay nagsitangap na ng kanilang mana sa dako roon ng Jordan sa dakong silanganang ng Jeriko, sa dakong simisikatan ng araw.

**16** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: **17** Ito ang mga pangalan ng mga lalaki na magbabahagi ng lupain sa inyo na pinakamana: si Eleazar na sacerdote, at si Josue na anak ni Nun. **18** At kukuha kayo ng isang pangulo sa bawat angkan, upang magbabagi ng lupain na pinakamana. **19** At ito ang mga pangalan ng mga lalaki: sa angkan ni Juda, ay si Kaleb na anak ni Jefune. **20** At sa angkan ng mga anak ni Simcon, ay si Semuel na anak ni Amiad. **21** Sa angkan ni Benjamin, ay si Elidad na anak ni Kison. **22** At sa angkan ng mga anak ni Dan, isang pangulo, si Buki na anak ni Joghli. **23** Sa mga anak ni Jose: sa angkan ng mga anak ni Manases isang pangulo, si Haniel na anak ni Efad; **24** at sa angkan ng mga anak ni Efraim isang pangulo, si Kemuel na anak ni Siftan. **25** At sa angkan ng mga anak ni Zabulon isang pangulo, si Elizafan na anak ni Parnak. **26** At sa angkan ng mga anak ni Isakar isang pangulo, si Paltiel na anak ni Azan. **27** At sa ang-

kan ng mga anak ni Aser isang pangulo, si Ahud na anak ni Selomi. **28** At sa angkan ng mga anak ni Neftali isang pangulo, si Pedael na anak ni Amiad. **29** Ito yaong mga iniutosan ng PANGINOON na bumahagi ng mana sa mga anak ng Israel sa lupain ng Kanaan.

**35** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, sa mga kapatagan ng Moab sa tabi ng Jordan sa Jeriko, na nagsabing: **2** Iutos mo sa mga anak ng Israel, na kanilang bigyan ang mga Levita sa mana na kanilang pag-aari, ng mga ciudad na matahanan; at ang mga pastulan sa palibot ng mga ciudad na yaon ay ibibigay ninyo sa mga Levita. **3** At ang mga ciudad ay kanilang tatamuhin upang tahanan; at ang kanilang mga pastulan ay sa kanilang mga hayop, at sa kanilang mga pag-aari, at sa lahat nilang mga hayop. **4** At ang mga pastulan sa mga ciudad, na inyong ibibigay sa mga Levita, magiging mula sa kuta ng ciudad at sa dakong labas, isang libong siko sa palibot. **5** At inyong susukatin sa labas ng ciudad sa dakong silanganang ay dalawang libong siko, at sa dakong timugang ay dalawang libong siko, at sa dakong kalunuran ay dalawang libong siko, at sa dakong hilagaang ay dalawang libong siko, na ang ciudad ay napapasa gitna. Ito ang magiging sa kanila'y mga pasulan sa mga ciudad. **6** At ang mga ciudad na inyong ibibigay sa mga Levita ay magiging anim na ciudad na ampunan, na inyong ibibigay sa nakamatay-tawo upang tumakas doon: at bukod sa rito ay magbibigay kayo ng apat na puo't dalawang ciudad. **7** Lahat ng mga ciudad na inyong ibibigay sa mga Levita ay apat na puo't walong ciudad: *inyong mga ibibigay sampuo ng kanilang mga pastulan.* **8** At tungkol sa mga ciudad na inyong ibibigay na pag-aari ng mga anak ng Israel, sa marami ay kukuha kayo ng marami; at sa kaonti ay kukuha kayo ng kaonti: bawat isa, ayon sa kaniyang mana na kaniyang minamana ay magbibigay sa kaniyang mga ciudad sa mga Levita.

**9** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises, na nagsabing: **10** Salitain mo sa mga anak ng Israel, at sabihin mo sa kanilang: Pagkaraan ninyo ng Jordan sa lupain ng Kanaan, **11** ay magtatalaga nga kayo ng mga ciudad na waging mga ciudad na ampunan sa inyo; upang ang nakamatay-tawo na pumatay ng sino mang tawo na hindi sinasadya ay makatakas

doon. **12** At ang mga ciudad ay magiging sa inyo'y pinakaampunan laban sa mapanghiganti sa dugo; upang ang nakamatay-tawo ay huag mamatay, hangang sa maitayo sa kapulungan, upang hatulan. **13** At ang mga ciudad na inyong ibibigay sa inyo, anim na ciudad na ampunan. **14** Magbibigay kayo ng tatlong ciudad sa dako roon ng Jordan, at tatlong ciudad ang ibibigay ninyo sa lupain ng Kanaan; magiging mga ciudad na ampunan. **15** Sa mga anak ng Israel, at sa taga ibang lupa, at sa mangingibang bayan sa gitna nila, ang anim na ciudad na ito ay magiging ampunan: upang ang bawa't nakamatay ng sino mang tawo, ng di sinasadya, makatakas doon. **16** Ngunit kung kaniyang sugatan ang kaniyang kapua ng isang kagsangkapang bakal, na ano pa't namatay, siya nga'y mamamatay-tawo: ang mamamatay-tawo ay walang pagsalang papatayin. **17** At kung kaniyang sugatan ng isang batong tangnan niya sa kamay na ikamatay ng isang tawo, at namatay nga, siya'y mamamatay-tawo: ang mamamatay-tawo ay walang pagsalang papatayin. **18** O kung kaniyang sugatan ng kamay ng isang panghampas na kahoy, na ikamatay ng tawo, at namatay nga, siya'y mamamatay-tawo: ang mamamatay-tawo ay walang pagsalang papatayin. **19** Ang manhihiganti sa dugo, ay siyang papatay sa mamamatay-tawo: pagka nasumpungan niya, kaniyang papatayin. **20** At kung kaniyang itimulak sa kapootan, o kaniyang hinagis na pinagbantayan, ano pa't namatay. **21** O sa pakikipagkaalit ay sinugatan niya ng kaniyang kamay, na ano pa't namatay: siya na sumugat ay walang pagsalang papatayin; siya'y mamamatay-tawo, ang mapaghiganti sa dugo ay siyang papatay sa mamamatay-tawo, pagka nasumpungan niya. **22** Ngunit kung sa kabiglaanan ay kaniyang maitulak na walang pakikipagkaalit, o mahagisan niya ng ano mang bagay na hindi binanta, **23** o ng ano mang bato na ikamatay ng tawo, na hindi niya nakikita at kaniyang mailagis sa kaniya, na ano pa't namatay at hindi niya kaaway, at hindi niya pinag-nakalaan ng mamama: **24** kung gayo'y ang kapulungan ang siyang hahatol sa sumugat at sa manhihiganti sa dugo, ayon sa mga kahatulang ito: **25** at ililigtas ng kapulungan ang mamamatay-tawo sa kamay ng manhihiganti sa dugo, at siya'y pabalikin ng kapulungan sa kaniyang ciudad na ampu-

nan, na kaniyang tinakasan: at siya'y tahanan doon hangang sa pagkamatay ng dakilang sacerdote, na pinahiran ng santong langis. **26** Ngunit kung ang mamamatay-tawo ay lumabas sa ano mang dahilan, sa hanganan ng kaniyang ciudad na ampunan, na kaniyang tinatakasan; **27** at masumpungan siya ng manhihiganti sa dugo sa labas ng hanganan ng kaniyang ciudad na ampunan, at patayin ng manhihiganti sa dugo ang mamamatay-tawo; siya'y hindi magiging salarin sa dugo: **28** sapagka't siya'y nararapat na tumira sa kaniyang ciudad na ampunan, hangang sa pagkamatay ng dakilang sacerdote: ngunit pagkamatay ng dakilang sacerdote ang mamamatay-tawo ay makabalik sa lupain na kaniyang pag-aari. **29** At ang mga bagay na ito ay magiging isang palatuntunan sa kalatulan sa inyo, sa boong panahon ng inyong lahi sa lahat ng inyong tahanan. **30** Sino mang pumatay sa sino mang tawo, ang nakamatay-tawo ay papatayin sa patotoo ng mga saksi: ngunit ang isang saksi ay hindi makapagpapatotoo laban sa kanino mang tawo upang patayin. **31** Bukod sa rito, huag kayong tatanggap ng suhol sa buhay ng mamamatay-tawo na marapat patayin: kung di siya'y walang pagsalang papatayin. **32** At huag kayong tatanggap ng suhol sa sino man na tumakas sa kaniyang ciudad na ampunan, upang siya'y bumalik na tumahan sa kaniyang lupain, hangang sa pagkamatay ng dakilang sacerdote. **33** Kaya't huag ninyong dudumhan ang lupain na inyong kinaroroonan; sapagka't ang dugo ay nagpaparumi ng lupain: at walang paglilinis na magagawa sa lupa dahil sa dugo na nabuhos doon, kung di sa pamamag-itan ng dugo niyaong nagbuhos. **34** At huag ninyong ihahawa ang lupain na inyong tinatahanan, na sa gitna noon ako'y tumatahan: sapagka't akong PANGINOON ay tumatahan sa gitna ng mga anak ng Israel.

**36** At ang mga pangulo ng mga bahay ng mga magulang ng kaniag-anakan ng mga anak ni Gilead, na anak ni Makir, na anak ni Manases, sa mga kaniag-anakan ng mga anak ni Jose, ay nagsilapit, at nagsalita sa harap ni Moises, at sa harap ng mga pangulo, na mga puno sa mga bahay ng mga magulang ng mga anak ng Israel: **2** at sila'y nagsabing: Ang PANGINOON ay nag-utos sa aking

panginoon na ibigay ang lupain na pinakamana sa sapa-laran, sa mga anak ng Israel: at ang aking panginoon ay inutusan din naman ng PANGINOON na ibigay ang mana ni Zelofehad na aming kapatid sa kaniyang mga anak na babaye. 3 At kung sila'y mag-asawa sa kanino man sa mga anak ng ibang angkan, ng mga anak ng Israel ay aalisin nga ang mana nila na mula sa mana ng aming mga magulang, at idaragdag sa mana ng angkan kinauukulan nila: sa gayo'y aalisin sa sapa-laran ang aming mana. 4 At paghuhubilo ang mga anak ng Israel, ang kanilang mana nga ay idaragdag sa mana ng angkan kanilang kinauukulan: sa gayo'y ang kanilang mana ay aalisin sa mana ng angkan ng aming mga magulang. 5 At inutos ni Moises sa mga anak ng Israel ayon sa salita ng PANGINOON, na nagsabing: Ang angkan ng mga anak ni Jose ay nagsasalita ng matuid. 6 Ito ang bagay na inutos ng PANGINOON tungkol sa mga anak na babaye ni Zelofehad, na sinabing: Mag-asawa sila sa kanino mang kanilang magalingin: ngunit sa kamag-anakan lamang ng kanilang ama mag-asawa sila. 7 Upang hindi magkalipatlipat ang mana ng mga anak ng Israel sa iba't ibang angkan: kungdi ang mga anak

ng Israel ay masasanib ang bawat isa sa mana ng angkan ng kaniyang mga magulang. 8 At bawat anak na babaye na nag-aari sa ano mang angkan ng mga anak ng Israel ay mag-asawa ng isa sa kamag-anakan ng angkan ng kaniyang ama, upang ang mga anak ng Israel ay magmana ang bawat isa ng mana ng kaniyang mga magulang. 9 Sa gayon ay hindi magkakilapatlipat ang mana mula sa isang angkan hangang sa ibang angkan; sapagka't ang mga angkan ng mga anak ng Israel ay lalaki ang bawat isa sa kaniyang sariling mana. 10 Kung paanong inutos ng PANGINOON kay Moises, gayon ginawa ng mga anak na babaye ni Zelofehad: 11 sapagka't si Maala, si Tirsa, si Hogla, at si Milka at si Noa, na mga anak ni Zelofehad ay nagsipag-asawa sa mga anak ng mga kapatid ng kanilang ama. 12 Sila'y nag-asawa sa mga kamag-anakan ng mga anak ni Manases na anak ni Jose, at ang kanilang mana ay naiwaw sa angkan ng kamag-anakan ng ama nila.

13 Ito ang mga utos at ang mga kahalutalan, na inutos ng PANGINOON sa pamamagitan ni Moises sa mga anak ng Israel sa mga kapatagan ng Moab sa tabi ng Jordan sa Jeriko.

## ANG

# LIBRO NG DEUTERONOMIO.

1 Ito ang mga salita na sinalita ni Moises sa boong Israel sa dako roon ng Jordan, sa ilang, sa Araba na katawat ng Suf, sa pag-itan ng Paran, at ng Tofel, at ng Laban, at ng Hazerot, at ng Di-zahab. 2 Labing isang araw na labing mula sa Horeb sa daan ng bundok ng Seir hangang sa Kades-barnea. 3 At nangyari ng ikaapat na puong taon, sa ikalabing isang buan, ng unang araw ng buan, na nagsalita si Moises sa mga anak ng Israel, ng tungkol sa lahat na ibinigay sa kaniyang utos ng PANGINOON sa kanila; 4 pagkatapos na kaniyang masugatan si Sehon na hari ng mga Amorreo, na tumatahan sa Hesbon, at si Og na hari sa Basan, na tumatahan sa Astarot, sa Edrei: 5 sa dako roon ng Jordan, sa lupain ng Moab,

pinasimulan ni Moises na ipinahayag ang kautusang ito, na sinabing: 6 Ang PANGINOONG ating Dios nagsalita sa atin sa Horeb, na nagsabing: Kayo'y tumahang malon sa bundok na ito: 7 magbalik kayo, at kayo'y maglakbay, at kayo'y pumaroon sa lupaing maburot ng mga Amorreo, at sa lahat ng mga kalapit, na nanga sa Araba, sa lupaing maburot, at sa mabatang lupain, at sa Timugan, at sa baybayin ng dagat, na lupain ng mga Kananeo; at sa Libano hangang sa malaking ilog, sa ilog Eufrates. 8 Narito, aking inilagay ang lupain sa harap niyo: inyong pasukin at arin ang lupain na isinumpa ng PANGINOON sa inyong mga magulang, kay Abraham, kay Isak, at kay Jakob, na ibinigay sa kanila at sa

kanilang binhi pagkamatay nila. **9** At ako'y nagsalita sa inyo ng panahong yaon, na aking sinabing: Hindi ko mada-dalang mag-isa kayo: **10** pinarami kayo ng PANGINOONG inyong Dios, at, narito, kayo sa araw na ito, gaya ng mga bituin sa langit sa karamihan. **11** Ang PANGINOON, ang Dios ng inyong mga magulang, gawin kayong makaisang libong dami ang higit kay sa inyo ngayon, at pagpalain kayo, gaya ng kaniyang ipinangako sa inyo. **12** Paanong mada-dala kong mag-isa ang inyong ramot, at ang inyong pasan, at ang inyong hamok? **13** Humugot kayo ng mga lalaking pantas, at nakakaalam, at kilala, ayon sa inyong mga angkan, at sila'y aking mga gagawing pangulo sa inyo. **14** At kayo'y sumagot sa akin at nagsabing: Ang bagay na iyong sinalita ay mabuting gawin namin. **15** Sa gayo'y hinugot ko ang mga pangulo ng inyong mga angkan, mga tawong pantas, at kilala, at aking mga ginawang pangulo sa inyo, mga kapitan ng mga lilibuhin, at mga kapitan ng mga lilibuhin, at mga kapitan ng mga sampuin, at mga puno ayon sa inyong mga angkan. **16** At aking binilinan ang inyong mga hukom, ng panahong yaon, na aking sinabing: Inyong dingin ang mga usap ng inyong mga kapatid, at inyong hatulan ng matuid ang isang lalaki at ang kaniyang kapatid, at ang taga ibang lupa na kasama niya. **17** Huag kayong gagalang sa mga lalaki sa kahatulan; inyong didingin ang maliit gaya ng malaki: huag kayong matatakot sa mukha ng tawo; sapagka't ang kahatulan ay sa Dios; at ang usap na napakahirap sa inyo, inyong dadalhin sa akin, at aking didingin. **18** At aking iniutos sa inyo ng panahong yaon ang labat ng mga bagay na inyong gagawin. **19** At tayo ay naglakbay mula sa Horeb, at ating tinahak yaong boong malawak at kakilakilabot na ilang na inyong nakita, sa daang patungo sa lupaing maburot ng mga Amorreo, gaya ng iniutos ng PANGINOONG ating Dios sa atin; at tayo'y dumating sa Kades-barnea. **20** At aking sinabi sa inyo: Inyong narating ang lupaing maburot ng mga Amorreo at ibinibigay sa atin ng PANGINOONG ating Dios. **21** Narito, inilagay ng PANGINOONG iyong Dios ang lupain sa harap mo; sampahin mo, arin mo, gaya ng sinalita sa iyo ng PANGINOON, ng Dios

ng inyong mga magulang; huag kang matakot, o manlupaypay man. **22** At kayo'y lumapit sa akin, bawa't isa sa inyo, at nagsabing: Tayo'y magsugo ng mga lalaki sa unahan natin, upang kanilang kilalanin ang lupain dahil sa atin, at magbigay alam sa atin ng daang ating marapat sampahan, at ng mga bayang ating daratnin. **23** At ang bagay ay inakala kong magaling: at ako'y kumuha ng labingdalawang lalaki sa inyo, isang lalaki sa bawa't angkan: **24** at sila'y pumihit at sumampa sa bundok, at sila'y dumating hangang sa libis ng Eskol, at kanilang tiniktikan. **25** At sila'y nagbitbit ng bunga ng lupain sa kanilang mga kamay, at kanilang ipinanaog sa atin, at sila'y nagdala ng kasagutan, at nagsabing: Mabuting lupain ang ibinigay ng PANGINOONG ating Dios sa atin. **26** Gayon ma'y hindi kayo umakiat, kungdi nanghimagsik kayo laban sa utos ng PANGINOONG inyong Dios: **27** at kayo'y tumakap sa inyong mga dampa, at inyong sinabing: sapagka't kinapootan tayo ng PANGINOON, tayo'y inilabas sa lupain ng Egipto, upang tayo'y ibigay sa kamay ng mga Amorreo, ng tayo'y lipulin. **28** Saan tayo sasampa? Pinapanglupaypay ng ating mga kapatid ang ating puso, na sinabing: Ang mga tawo ay malalaki at matataas kay sa atin; ang mga ciudad ay malalaki at nakukutaan ng hangang sa langit; at bukod dito'y aming nakita ang mga anak ng mga Anakoo doon. **29** Ng magkagayo'y sinabi ko sa inyo: Huag kayong mangilabot o matakot man sa kanila. **30** Ang PANGINOONG inyong Dios, na nangunguna sa inyo, kaniyang ipakikipagbaka kayo, ayon sa labat ng kaniyang ginawa dahil sa inyo sa Egipto sa harap ng inyong mga mata; **31** at sa ilang, na inyong kinakitaan kung paanong dinala ka ng PANGINOONG iyong Dios, na gaya ng pagdadala ng isang lalaki sa kaniyang anak, sa boong daang inyong pinaroonan hangang sa dumating kayo sa lugar na ito. **32** Gayon ma'y sa bagay na ito, kayo'y hindi sumampalataya sa PANGINOONG inyong Dios, **33** na nagpapauna sa inyo sa daan, upang ihanap kayo ng lugar na mapagtayuan ng inyong mga dampa, na nasa apoy pagka gabi, upang ituro sa inyo kung saang daan kayo dadaan, at nasa alapaap pagka araw. **34** At narinig ng PANGINOON ang tinig ng inyong mga salita, at nag-init, at sumumpa, na nagsabing:

**35** Tunay na hindi makikita ng isa man sa mga tawong ito, nitong masamang lahi ang mabuting lupain na aking isinumpang ibibigay sa inyong mga magulang. **36** Iban si Kaleb na anak ni Jehoue; siya ang makakakita; at sa kaniya'y aking ibibigay ang lupain na kaniyang tinuntangan, at sa kaniyang mga anak: sapagka't siya'y lubos na sumunod sa PANGINOON. **37** (Ang PANGINOON naman ay nagali sa akin, dahil sa inyo, na nagsabing: Ikaw man ay hindi papasok doon.) **38** Si Josue na anak ni Nun, na nakatayo sa harap mo, siya'y papasok doon. Patapangin mo siya; sapagka't kaniyang ipamamana sa Israel. **39** Bukod dito'y, ang inyong mga bata, na inyong sinasabing magiging bihag, at ang inyong mga anak, na sa araw na ito ay hindi makakaalam ng nabuti o ng masama, sila'y papasok doon, at sa kanila'y aking ibibigay, at kanilang aarin. **40** Ngumi't tungkol sa inyo, magbalik kayo, at maglakbay kayo sa ilang na daang *patungo* sa Mapulang Dagat. **41** Ng magkagayon, kayo'y sumagot at sinabi ninyo sa aking: Kami ay nagkasala laban sa PANGINOON, kami ay sasampa at babaka, ayon sa buong inutusan ng PANGINOONG aming Dios sa amin. At kayo'y nagsipagsakbat baw't isa ng kanikaniyang sakbat na pangbaka, at kayo'y nagmadaling sumampa sa bundok. **42** At sinabi ng PANGINOON sa akin: Sabihin mo sa kanilang: Huag kayong sumampa, o bumaka man; sapagka't ako'y wala sa inyo; baka kayo'y masugatan sa harap ng inyong mga kaway. **43** Gavon sinalita ko sa inyo, at hindi ninyo dininig; kungdi kayo'y nanghimagsik laban sa utos ng PANGINOON, at mga nagpapalalo at umakyat sa bundok. **44** At ang mga Amorreo na tumatahan sa bundok na Yaon, ay nagsilabas na laban sa inyo, at kayo'y hinabol, na gaya ng ginagawa ng mga bubuyog, at kayo'y finalo sa Seir, hangang sa Horma. **45** At kayo'y nagbalik at umiyak sa harap ng PANGINOON; ngumi't hindi dininig ng PANGINOON ang inyong voces, o pinakinangan man kayo. **46** Sa gayon, kayo'y tumira sa Kades na malaon, ayon sa mga araw na inyong itinira *oon*.

**2** Ng magkagayo'y tayo'y pumihit, at lumakad tayo sa ilang na daang *patungo* sa Dagat na Mapula gaya ng sinalita ng PANGINOON sa akin. At tayo'y lumigid sa bundok ng Seir na mahabang panahon. **2** At ang PAN-

NOON ay nagsalita sa akin, na nagsabing: **3** Inyong niligid ang bundok na ito, na mahabang panahon: lumiko kayo sa dakong hilagaan. **4** At iutos mo sa bayan, na *inyong* sabihing: Kayo'y magdadaan sa banganan ng inyong mga kapatid na mga anak ni Esau, na tumatalan sa Seir; at sila'y matatakot sa inyo; magsipagingat nga kayong mabuti. **5** Huag kayong makipagkaalit sa kanila; sapagka't hindi ko ibibigay sa inyo ang kanilang lupain, kabi't ang tinuntangan ng talampakan ng isang paa: sapagka't aking ibibigay ang bundok ng Seir kay Esau, na pinakaari. **6** Kayo'y bibili sa kanila ng pagkain sa pamamagitan ng salapi, upang kayo'y makakain; at kayo'y bibili rin sa kanila ng tubig sa pamamagitan ng salapi, upang kayo'y makainom. **7** Sapagka't piagpala ka ng PANGINOONG iyong Dios, sa lahat ng gawa ng inyong mga kamay; kaniyang natalastas ang inyong paglalakbay dito sa malawak na ilang; sa *loob* nitong apat na puong taon ay sumayo ang PANGINOONG iyong Dios; walang ano mang bagay na nagkulang sa iyo. **8** Gayon tayo nagdaan sa ating mga kapatid, na mga anak ni Esau, na tumatahan sa Seir, mula sa daan ng Araba, mula sa Elat at mula sa Ezion-geber.

At tayo'y nagbalik at nagdaan sa daan ng ilang ng Moab. **9** At sinabi sa akin ng PANGINOONG: Huagninyong tampalasanin ang Moab, o makipagkaalit man sa kanila sa pakikipagbaka; sapagka't hindi kita bibigyan sa kaniyang lupain ng pinakaari; sapagka't aking ibinigay ang Ar sa mga anak ni Lot, na pinakaari. **10** (Ang mga Emita ay tumatahan doon ng una; bayang malaki, at marami, at matataas, na gaya ng mga Anakeo: **11** ang mga ito man, ay ibinilang na mga higante, gaya ng mga Anakeo; ngumi't tinatawag sila ng mga Moabita na mga Emita. **12** Ang mga Horeo din ay tumatahan sa Seir ng una, ngumi't ang mga anak ni Esau ay humahili sa kanila; at kanilang nilipol sila sa harap din nila, at tumahan na kahalili nila; gaya ng ginawa ng Israel sa lupaing kaniyang pag-aari, na ibinigay ng PANGINOON sa kanila). **13** Ngayon, tumindig kayo, at magdaan kayo sa batis ng Zered. At tayo'y naglaan sa batis ng Zered. **14** At ang mga araw na ating idinatang mula sa Kades-barnea hangang sa tayo'y makarating sa batis ng Zered, ay tatlong puo't walong taon, hangang sa ang boong lahi ng mga lala-

king pangbaka ay malipol sa gitna ng kamento, gaya ng isinumpa ng PANGINOON sa kanila. 15 Bukod dito'y, ang kamay ng PANGINOON ay naging laban sa kanila, upang lipulin sila sa gitna ng kamento, hangang sa sila'y nalipol.

16 Kaya't nangyari, ng ang lahat ng mga lalaking pangbaka ay malipol at mamatay sa gitna ng bayan, 17 na nagsalita, ang PANGINOON sa akin, na nagsabing: 18 Ikaw ay dadaan ng araw na ito sa Ar, na hanganan ng Moab: 19 at pagka ikaw ay matatapat sa mga anak ni Ammon, huag kang manampalasan sa kanila, o makipagkaalit man sa kanila: sapagka't hindi ko ibibigay sa iyo ang lupain ng mga anak ni Ammon na pinakaari; sapagka't aking ibinigay sa mga anak ni Lot na pinakaari. 20 (Yaon man ay ibinilang na lupain ng mga higante: ang mga higante ang tumatahan doon ng una; nguni't tinatawag ng mga Ammonita, na mga Zamzumeo; 21 bayang malaki, at makapal, at matataas gaya ng mga Anakeo; nguni't mga nilipol ng PANGINOON sa harap nila; at sila'y humalili sa kanila, at tumahang kahalili nila: 22 gaya ng ginawa ng PANGINOON sa mga anak ni Esau, na tumitira sa Seir, ng kaniyang lipulin ang mga Horeo sa harap nila; at sila'y humalili sa kanila, at tumatahan na kahalili nila hangang sa araw na ito: 23 at ang mga Aveo na nangagsitahan sa mga nayon hangang sa Gaza, na siyang mga nilipol ng mga Kaftoreo na mga mula sa Kaftor, at tumahan na kahalili nila. 24 Mag-sitinding kayo, kayo'y maglakbay, at magdaan kayo sa libis ng Arnon, narito, aking ibinigay sa iyong kamay si Sihong Amorreo, hari sa Hesbon, at ang kaniyang lupain: pasimulan mong ariin, at makipagtalos sa kaniya sa pagbabaka. 25 Sa araw na ito ay pasisimulan kong ilagay ang gitla sa iyo at ang takot sa iyo sa mga bayang nangasa ilalim ng boong langit, na maririnig nila ang iyong kabantugan, at magsisipanging, at mangahahapis, dahil sa iyo.

26 At ako nga'y nagsugo ng mga sugo mula sa ilang ng Kedemot kay Sihong hari sa Hesbon, na may kapayapaang mga salita, na sinabing: 27 Paraanin mo ako sa iyong lupain, sa daan lamang ako lalakad, hindi ako liliko maging sa kanan o sa kaliwa man. 28 Pagbibihitan mo ako ng pagkain sa salapi, upang

makain ko, at bibigyan mo ako ng tubig sa salapi, upang mainom ko: paraanin mo lamang ako ng aking mga paa: (29 gaya ng ginawa sa akin ng mga anak ni Esau, na tumatahan sa Seir, at ng mga Moabita na tumatahan sa Ar), hangang sa makaraan ako sa Jordan, sa lupaing sa amin ay ibinibigay ng PANGINOONG aming Dios. 30 Nguni't di nayag si Sihon, hari sa Hesbon, na kami ay makaraan sa kaniya; sapagka't pinatigas ng PANGINOONG iyong Dios ang kaniyang espiritu, at pinatigas ang kaniyang puso, upang maibigay siya sa iyong kamay, gaya sa araw na ito. 31 At sinabi sa akin ng PANGINOONG: Narito, aking pinasimulang ibigay si Sihon at ang kaniyang lupain sa harap mo: pasimulan mong ariin upang iyong mamana ang kaniyang lupain. 32 Ng magkagayo'y si Sihon ay lumabas laban sa atin, siya at ang boong bayan niya, na bumaka sa Jahaz. 33 At ibinigay siya ng PANGINOONG ating Dios sa harap natin; at ating sinugatan siya, at ang kaniyang mga anak at ang kaniyang boong bayan. 34 At ating sinakop ang lahat niyang mga ciudad ng panahong yaon, at ating lubos na nilipol ang bawat ciudad na tinatahanan, sampuo ng mga babaye at ng mga bata; wala tayong iniwang natira: 35 ang mga hayop lamang ang ating dinalang pinakasamsam, sampuo ng mga nasamsam sa mga ciudad na ating sinakop. 36 Mula sa Aroer na nasa tabi ng libis ng Arnon at mula sa ciudad na nasa libis, hangang sa Gilead, walang ciudad na napakataas sa ganang ating: ibinigay na lahat sa harap natin ng PANGINOONG ating Dios: 37 sa lupain lamang ng mga anak ni Ammon hindi ka lumapit; sa boong tagiliran ng ilog Jabok at sa mga ciudad ng kabundukan, at saan man na ipinagbawal sa atin ng PANGINOONG ating Dios.

3 Ng makagayo'y tayo'y pumihit, at ating sinampa ang daang patungo sa Basan: at si Og na hari sa Basan ay lumabas laban sa atin, siya at ang boong bayan niya, na bumaka sa Edrei. 2 At sinabi sa akin ng PANGINOONG: Huag kang matakot; sapagka't aking ibinigay siya, at ang kaniyang boong bayan, at ang kaniyang lupain, sa iyong kamay. At iyong gagawin sa kaniya ang gaya ng iyong ginawa kay Sihong hari ng mga Amorreo, na nagsitira sa Hesbon. 3 Gayon din ibinigay ng PANGINOONG ating Dios sa ating kamay si Og, na hari sa

Basan, at ang boong bayan niya; at ating sintugatan siya hangang sa walang naiwan sa kaniya. **4** At ating sinakop ang lahat niyang mga ciudad ng panahong yaon; walang ciudad na di sinakop natin sa kanila; anim na puong ciudad, ang boong lupain ng Argob, ang kaharian ni Og sa Basan. **5** Ang lahat ng ito'y mga ciudad na nakukutaan ng matataas na kuta, na may mga pintuangduan at mga halang; bukod pa ang napakaraming mga ciudad na walang kuta. **6** At ating lubos na mga nilipol, gaya ng ating ginawa kay Sihong hari sa Hesbon, na lubos na ating nilipol baw't ciudad, sampu ng mga babaye at ng mga bata. **7** Ngunit ang boong hayop, at ang nasamsam sa mga ciudad ay ating kinuhang pinakasamsam. **8** At ating kinakam ang lupain ng panahong yaon sa kamay ng dalawang hari ng mga Amorreo na nasa dako roon ng Jordan, mula sa libis ng Arnon hangang sa buudok ng Hermon; **9** (na siyang Hermong tinatawag ng mga Sidenio na Sirion, at tinatawag ng mga Amorreo na Senir;) **10** lahat ng ciudad ng kapatagan, at ang boong Gilead, at ang boong Basan, hangang Saleka at Edrei, mga ciudad ng kaharian ni Og sa Basan. **11** (Sapagka't si Og lamang na hari sa Basan ang nalalabi sa natira sa mga ligante; narito, ang kaniyang hihigan, hihigang bakal; ¿wala ba sa Rabba ng mga anak ng Ammon? sian na siko ang haba noon at apat na siko ang luang noon ayon sa siko ng isang lalaki.) **12** (At ang lupaing ito'y ating kinuhang pinakaari ng panahong yaon;) mula sa Aroer, na nasa tabi ng libis ng Arnon, at kalahati ng lupaing maburot ng Gilead, at ang mga ciudad, ay aking ibinigay sa mga Rubenita at sa mga Gadita: **13** at ang labis ng Gilead, at ang boong Basan, na kaharian ni Og, ay aking ibinigay sa kalahati ng angkang ni Manases, ang boong lupain ng Argob, ang boong Basan, (Siya ring pinanganlang lupain ng mga ligante. **14** Sinakop ni Jair na anak ni Manases ang boong lupain ng Argob, hangang sa hanganan ng mga Gesureo at ng mga Maakateo; at mga pinanganlan niyang Basan ayon sa kaniyang pangalang sarili, mga Havvoth-jair nga, hangang sa mga araw na ito.) **15** At aking ibinigay ang Gilead kay Makir. **16** At sa mga Rubenita at sa mga Gadita ay aking ibinigay ang mula sa Gilead hangang sa libis ng Arnon, ang kalahati ng libis, at ang hanganan

noon, pati ng ilog Jabok, na siyang hanganan ng mga anak ni Ammon: **17** ang Araba man, at ang Jordan at ang hanganan noon, mula sa Kineret hangang sa dagat ng Araba, na Dagat na Alut, sa ibaba ng balisbis ng Pisga sa dakong silanganan.

**18** At kayo'y aking inutusan ng panahong yaon, na aking sinabing: Ibinigay sa inyo ng PANGINOONG inyong Dios ang lupaing ito upang ariin: kayo'y daraang may sakbat sa harap ng inyong mga kapatid na mga anak ng Israel, sa lahat ng mga tawong matapang. **19** Ngunit ang inyong mga asawa at ang inyong mga bata, at ang inyong mga hayop (aking talastas na kayo'y mairong maraming hayop,) mgatitira sa inyong mga ciudad na aking ibinigay sa inyo; **20** hangang sa bigyan ng PANGINOON ng kapalingahan ang inyong mga kapatid, na gaya ninyo, at kanilang ariin naman ang lupain na ibinibigay sa kanila ng PANGINOONG inyong Dios, sa dako roon ng Jordan; kung magkagayon ay magbabalik ang baw't lalaki sa inyo sa kaniyang pag-aari, na aking ibinigay sa inyo. **21** At aking iniutos kay Josue ng panahong yaon, na aking sinabing: Nakita ng inyong mga mata ang lahat ng ginawa ng PANGINOONG iyong Dios sa dalawang haring ito; gayon ang gagawin ng PANGINOON sa lahat ng kahariang iyong daranan. **22** Huag kayong matatakot sa kanila: sapagka't ipinakikipagbaka kayo ng PANGINOONG inyong Dios.

**23** At ako'y namanhik sa PANGINOON, ng panahong yaon, na aking sinabing: **24** Oh Panginoong Dios, iyong minulang ipinakilala sa iyong alipin ang iyong kalakhan at ang iyong kamay na makapangyarihan: ¿ano ngang Dios sa langit o sa lupa ang makagagawa ng ayon sa iyong mga gawa, at ayon sa iyong makapangyarihang kilos? **25** Paraanin mo nga ako, isinasamo ko sa iyo, at aking makita ang mabuting lupain na nasa dako roon ng Jordan, yaong mainam na buudok, at ang Libano. **26** Ngunit ang PANGINOON ay nagagalit sa akin dahil sa inyo, at hindi ako dininig. At sinabi sa akin ng PANGINOONG: Siya na; huag ka ng magsalita pa sa akin ng tungkol sa bagay na ito. **27** Sumampa ka sa taluktok ng Pisga at ilingap mo ang iyong mga mata sa dakong kalunuran, at sa dakong hilagaan, at sa dakong timugan, at sa dakong silanganan, at masdan mo ng iyong



mga mata; sapagka't hindi ka makararaan sa Jordang ito. **28** Ngumi't utusan mo si Josue, at patapangin mo siya, at papagtibayin mo siya: sapagka't siya'y daraan sa harap ng bayang ito, at kaniyang ipasaari ang lupain na iyong makikita. **29** Sa gayon tayo'y tumahan sa libis, sa tapat ng Bet-peor.

**4** At ngayon, Oh Israel, dingin mo ang mga palatuntunan at ang mga kahalutulan, na aking itinuturo sa iyo, upang inyong mga suudin; upang kayo'y mabuhay, at pumasok, at arin ang lupain na ibinibigay sa iyo ng PANGINOON, ng Dios ng inyong mga magulang. **2** Huag niyong daragdagan ang salita na aking iniutos sa iyo, o babawasan man, upang inyong maingat ang mga utos ng PANGINOONG inyong Dios na aking iniutos sainyo. **3** Nakita ng inyong mga mata ang ginawa ng PANGINOON tungkol kay Baal-peor; sapagka't lahat ng lalaki na sumunod kay Baal-peor, mga nilipol ng PANGINOONG inyong Dios sa gitna mo. **4** Nguni't kayong umayon sa PANGINOONG inyong Dios ay nangabubuhay pa ang baw't isa sa iyo sa araw na ito. **5** Narito, aking tinuruan kayo ng mga palatuntunan at ng mga kahalutulan, gaya ng iniutos sa akin ng PANGINOONG aking Dios, upang inyong gawing gayon sa gitna ng lupain na inyong paroroonan upang arin. **6** Ingatan nga ninyo at inyong mga gawin; sapagka't ito ang inyong karunungan at ang inyong kaalaman sa paningin ng mga tawo, na mga karirinig ng mga palatuntunan na ito, at sasabihing: Tunay na ang dakilang nacion ito ay isang pantas at maalam na bayan. **7** Sapagka't angonong dakilang nacion nga ang may dios na napakalapit sa kanila, na gaya ng PANGINOONG ating Dios kailan man tayo'y tumawag sa kaniya? **8** At angonong dakilang nacion nga, ang may mga palatuntunan at mga kahalutulan napakatuid na gaya ng boong kautusang ito, na aking inilalagda sa harap ninyo sa araw na ito? **9** Mag-ingat ka lamang sa iyong sarili, at ingatan mo ang iyong kalulua ng boong ingat, baka iyong malimutan ang mga bagay na nakita ng iyong mga mata, at baka mga hiwalay sa iyong puso ang lahat ng araw ng iyong buhay; kungdi iyong ipakilala sa iyong mga anak at sa mga anak ng iyong mga anak; **10** *lalong lalo* na ng araw na ikaw ay tumayo sa harap ng PANGINOONG inyong Dios sa Horeb, ng sabihin sa akin

ng PANGINOONG: Papagpisanin mo sa akin ang bayan, at aking iparirinig sa kanila ang aking mga salita, upang sila'y mag-aral na matakot sa akin sa lahat ng araw na kanilang ikabubuhay sa ibabaw ng lupa, at upang kanilang maituro sa kanilang mga anak. **11** At kayo'y lumapit at tumayo sa ibaba ng bundok; at ang bundok ay nagniningas ng apoy hangang sa kaibuturan ng langit, sa gitna ng kadiliman, alapaap, at salisalimuot na kadiliman. **12** At ang PANGINOONG nagsalita sa inyo mula sa gitna ng apoy; inyong narinig ang tinig ng mga salita, nguni't wala kayong larawang nakita, inyo lamang narinig ay isang tinig. **13** At kaniyang ipinahayag sa inyo ang kaniyang tipan na kaniyang iniutos sa inyong ganapin, ang sampuonng utos; at kaniyang mga isinulat sa dalawang tablang bato. **14** At iniutos sa akin ng PANGINOON ng panahong yaon, na turuan ko kayo ng mga palatuntunan at mga kahalutulan, upang inyong mga magawa sa lupaing inyong paroroonan upang arin. **15** Ingatan nga ninyong mabuti ang inyong sarili; sapagka't wala kayong nakitang ano mang larawan ng araw na magsalita ang PANGINOON sa inyo sa Horeb, mula sa gitna ng apoy: **16** baka kayo'y mangagsisama, at kayo'y gumawa sa inyo ng isang larawang hinichurahan na kahawig ng alin mang larawan, na hichurang lalaki o babaye, **17** na kahawig ng ano mang hayop na nasa lupa, na kahawig ng ano mang ibong maypakpak na lumilipad sa himpapawid, **18** na kahawig ng ano mang bagay na umuusad sa lupa; na kahawig ng ano mang isda na nasa tubig sa ilalim ng lupa: **19** at baka iyong itingin ang iyong mga mata sa langit, at kung iyong makita ang araw at ang buan, at ang mga bituin, sampuo ng boong hukbo ng langit, mabuyo kang iyong mga sambahin, at mga paglingkuran; na binahagi ng PANGINOONG inyong Dios sa lahat ng mga tawo na nasa ilalim ng boong langit. **20** Nguni't kinuha kayo ng PANGINOON, at hinango kayo sa hurnong bakal, sa Egipto, upang kayo'y maging sa kaniya'y isang bayang mana, gaya sa araw na ito. **21** Bukod dito'y ang PANGINOONG nagalit sa akin dahil sa inyo, at sumumpa na ako'y hindi daraan sa Jordan, at hindi ako papasok sa mabuting lupaing yaon, na ibinibigay ng PANGINOONG inyong Dios sa iyo na pinakamana: **22** kungdi ako'y narara-

pat mamatay sa lupaing ito, ako'y hindi nararapat dumaan sa Jordan: ngunit kayo'y darsaan, at inyong aarin ang mabuting lupaing yaon. **23** Mangag-ingat nga kayo, baka inyong malimutan ang tipan ng PANGINOONG iyong Dios, na kaniyang ginawa sa inyo, at kayo'y gumawa ng larawang hinichurahan na kalahig ng ano mang bagay sa inyo ng PANGINOONG iyong Dios. **24** Sapagkat ang PANGINOONG iyong Dios ay isang apoy na mamumngaw, mapanibughuing Dios nga.

**25** Pagka ikaw ay naakanak at nagkaanak ang inyong mga anak, at nagluat kayo ng malaon sa lupaing yaon, at nagpakasama kayo, at gumawa kayo ng larawang hinichurahan na kalahig ng ano mang bagay, at gumawa kayo ng masama sa paulingin ng PANGINOONG iyong Dios, upang ipamungkahi ninyo siya sa kagalitan: **26** aking tinatawag ang langit at ang lupa upang sunaksi laban sa inyo sa araw na ito, na kayo'y malilipol agad na walang pagsala sa lupain na inyong tinutunong ng pagdaaan sa Jordan, upang arin: hindi ninyo mapatatagal doon ang inyong mga araw, kungdi kayo'y lubos na malilipol. **27** At ikakalat kayo ng PANGINOON sa mga bayan, at kayo'y magiging kaunti sa bilang sa gitna ng mga nasyon, na pagdadalan sa inyo ng PANGINOON. **28** At doo'y maglilinked kayo sa mga dios, na vari ng mga kamay ng mga tawo, kahoy at bato, na hindi nangakakakita, o nangakakarinig man, o nangakakakin man, o nangakakaamoy man. **29** Ngunit kung mula roon ay iyong hahanapin ang PANGINOONG iyong Dios, siya'y iyong masusumpungan, kung iyong hahanapin siya ng boong iyong puso at ng boong iyong kaluluwa. **30** Pagka ikaw ay nasa kapighatian, at ang lahat ng mga bagay na ito ay dumating sa iyo, sa mga huling araw, ikaw ay magbabalik sa PANGINOONG iyong Dios, at iyong didingin ang kaniyang voces: **31** sapagkat ang PANGINOONG iyong Dios ay mawailing Dios; hindi ka niya palabayaan, o lilipulin ka man niya, o kalilimutan man ang tipan ng iyong mga magulang na kaniyang isinumpa sa kanila. **32** Ipagtanong mo nga sa mga araw na pagdaan, na mga naging una sa iyo, mula ng araw na halangin ng Dios ang tawo sa ibabaw ng lupa, at mula sa isang hanganan ng langit hangang sa kabila, kung nagkaroon ng gaya ng dakilang bagay na ito, o

narinig ang gaya nito? **33** Narinig ba kaya kailan man ng mga tawo ang voces ng Dios na nagsasalita sa gitna ng apoy, gaya ng narinig mo, at kinabuhayan? **34** O may Dios kaya na umakala na yumoon at kumuha ng isang nasyon sa gitna ng ibang nasyon, sa pamamagitan ng mga tukso, ng mga tanda, at ng mga kababalaghan, at ng pagbabaka, at ng makapag-yarihang kamay, at ng umat na kamay, at ng mga malaking kakilabutan ayon sa lahat na ginawa ng PANGINOONG iyong Dios para sa iyo sa Egipto, sa harap ng iyong mga mata? **35** Sa iyo ipinakita ito, upang iyong makilala na ang PANGINOON ay siyang Dios; wala ng iba liban sa kaniya. **36** Mula sa langit ay ipinarinig niya sa iyo ang kaniyang voces, upang kaniyang turuan ka; at sa ibabaw ng lupa ay kaniyang ipinakita sa iyo ang kaniyang dakilang apoy; at iyong narinig ang kaniyang mga salita sa gitna ng apoy. **37** At sapagkat kaniyang inibig ang iyong mga magulang, kaya kaniyang pinili ang kanilang binhi pagkatapos nila, at kinuha ka niya sa Egipto ng kaniyang pagharap, ng kaniyang dakilang kapangyarihan; **38** upang palayasin sa harap mo ang mga nacióng lalong malaki at lalong makapangyarihan kay sa iyo, upang ikaw ay kaniyang papasukin, upang ibigay sa iyo ang kanilang lupain na pinakamana, gaya sa araw na ito. **39** Talastasin mo nga sa araw na ito at isapuso mo, na ang PANGINOON ay siyang Dios sa itaas sa langit at sa ibaba sa lupa; wala ng iba pa. **40** At iyong iingatan ang kaniyang mga palatuntunan at ang kaniyang mga utos, na aking iniutus sa iyo sa araw na ito, upang yumaong mabuti sa iyo, at sa iyong mga anak pagkatapos mo, at upang iyong mapalaon ang iyong mga araw sa ibabaw ng lupain, na ibinigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios magpakailan man.

**41** Ng magkagayo'y inihawalay ni Moises ang tatlong ciudad sa dako roon ng Jordan sa dakong sinisikatan ng araw; **42** upang ang nakamatay-tawo ay tumakas doon, na nakamatay sa kaniyang kapua ng hindi sinasadya, at hindi niya kinapopotan ng panahong nakaraan; at sa pagtakas sa isa sa mga ciudad na ito ay mabilalay siya; **43** sa makatuud bagay sa Bezer sa ilang, sa kapatagang lupa, para sa mga Rubenita; at sa Ramot sa Gilead, para sa mga Gadita; at sa Golan sa Basan, para sa mga Manasita.

**44** At ito ang kautusang itinalata ni Moises sa harap ng mga anak ng Israel: **45** ito ang mga patotoo, at ang mga palatuntunan, at ang mga kahatulan, na sinalita ni Moises sa mga anak ng Israel, ng sila'y umalis sa Egipto; **46** sa dako pa roon ng Jordan, sa libis na nasa tapat ng Bet-peor, sa lupain ni Sihong hari ng mga Amorreo na tumatahan sa Hesbon, na siyang sinngatan ni Moises at ng mga anak ng Israel, ng sila'y umalis sa Egipto: **47** at kanilang sinakop ang kaniyang lupain na pinakaari, at ang lupain ni Og na hari sa Basan, ang dalawang hari ng mga Amorreo, na nangasa dako roon ng Jordan sa dakong sinisikatan ng araw: **48** mula sa Aroer na nasa hanganan ng libis ng Arnon, hangang sa bundok ng Siion (na siya ring Hermon), **49** at ang boong Araba sa dako roon ng Jordan sa dakong silanganan, hangang sa dagat ng Araba sa ilalim ng balisbis ng Pisga.

**5** At tinawag ni Moises ang boong Israel, at sinabi sa kanilang: Dingin mo, Oh Israel, ang mga palatuntunan at mga kahatulan na aking sinasalita sa inyong pakinig sa araw na ito, upang inyong mga pag-aralan, at inyong tali-mahin. **2** Ang PANGINOONG ating Dios ay gumawa ng isang tipan sa atin sa Horeb. **3** Hindi ginawa ng PANGINOON ang tipang ito sa ating mga magulang, kungdi sa atin, sa ating ng ang nangaritong lahat na buhay sa araw na ito. **4** Sinalita ng PANGINOON sa inyo ng mukhaan sa bundok, mula sa gitna ng apoy; **5** (ako'y tumayo sa gitna ng PANGINOON at ninyo ng panahong yaon, upang ipatalastas sa inyo ang salita ng PANGINOON; sapagka't kayo'y natatakot dahil sa apoy, at hindi kayo sumampa sa bundok;) na sinabing.

**6** Ako ang PANGINOONG iyong Dios, na kumuha sa iyo sa lupain ng Egipto, sa bahay ng pagkaalipin.

**7** Huag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko.

**8** Huag kang gagawa para sa iyo ng larawang hinichurahan na kawanis ng ano mang anyong na sa itaas sa langit, o ng na sa ibaba sa lupa, o ng na sa mga tubig sa ilalim ng lupa: **9** huag mong mga yuyukuran o mga paglilingkuran man; sapagka't akong PANGINOONG iyong Dios ay mapanibughuing Dios, na aking dinadalaw ang kasam-an ng mga magulang sa mga anak hangang sa ikatlo at sa ikaapat

na lahi ng mga napopoot sa akin, **10** at ako'y gumagamit ng kaawaan sa mga libo-libong mga umiibig sa akin at nag-iingat ng aking mga utos.

**11** Huag mong gagamitin ang pangalan ng PANGINOONG iyong Dios ng walang kabuluhan: sapagka't hindi aariin ng PANGINOON na walang muang ang gumamit ng walang kabuluhan ng kaniyang pangalan.

**12** Iyong ipangingilin ang araw ng sabado, upang ipagdiwang gaya ng iniuutos sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios. **13** Amin na araw na gagawa ka, at iyong gagawin ang iyong lahat na gawa: **14** ngunit ang ikapitong araw ay sabado sa PANGINOONG iyong Dios; huag kang gagawa sa araw na yaon ng ano mang gawa, ikaw, o ang iyong anak na lalaki man, o babaye man, o ang iyong aliping lalaki man, o babaye man, o ang iyong baka man, o ang iyong asno man, o ano man sa iyong hayop, o ang iyong taga ibang lupa man na nasa loob ng iyong pintuang-daan; upang ang iyong aliping lalaki at babaye ay makapagpalingang gaya mo. **15** At iyong aalalahanin na ikaw ay naging alipin sa lupain ng Egipto, at ikaw ay kinuha ng PANGINOONG iyong Dios doon sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay at unat na brazo: kaya't iniuutos sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios, na ipangingilin ang araw ng sabado.

**16** Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina, gaya ng iniutos sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios: upang ang iyong mga araw ay humaba, at upang yumao kang mabuti sa kaniya sa lupain na ibini-bigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios.

**17** Huag kang papatay.

**18** O mangangalunya man.

**19** O magnanakaw man.

**20** O sasaksi ng di tunay laban sa iyong kapua.

**21** O iimbotin mo man ang asawa ng iyong kapua; o pagnanasaan mo man ang bahay ng iyong kapua, ang kaniyang bukid, o ang kaniyang aliping lalaki, o babaye, ang kaniyang baka, o ang kaniyang asno, o ano man sa iyong kapua.

**22** Ang mga salitang ito ay sinalita ng PANGINOON sa boong kapisanan ninyo sa bundok mula sa gitna ng apoy, sa alapaap, at sa salislimuot na kadiliman, ng malakas na voces: at hindi na niya dinagdagan pa. At kaniyang mga isinulat sa dalawang tablang bato, at mga ibinigay sa akin. **23** At nangyari, ng

inyong marinig ang voces mula sa gitna ng kadiliman, samantalang ang bundok ay nagliliab ng apoy, ay kayo'y lumapit sa akin, ang lahat ng pangulo sa inyong mga angkán, at ang inyong mga mataunda; **24** at inyong sinabing; Narito, ipinakita sa amin ng PANGINOONG ating Dios ang kaniyang kaluwalhatian at ang kaniyang kalakhan, at aming narinig ang kaniyang voces mula sa gitna ng apoy: aning nakita sa araw na ito, na ang Dios ay nakikipag-usap sa tawo, at siya'y buhay. **25** Ngayon nga, bakit kami mamamatay? sapagka't pupugnawin kami ng malaking apoy na ito. Kung aming marinig pa ang voces ng PANGINOONG aming Dios, ay mamamatay nga kami. **26** Sapagka't sino sa lahat ng laman, na nakarinig ng voces ng buhay na Dios na nagsasalita mula sa gitna ng apoy, na gaya namin, at nabuhay? **27** Lumapit ka, at iyong pakingan ang lahat ng sasabihin ng PANGINOONG ating Dios: at iyong salitain sa amin, yaong lahat na sasalitain sa iyo ng PANGINOONG ating Dios; at aming didingin, at gagawin. **28** At narinig ng PANGINOONG ang voces ng inyong mga salita, ng kayo'y magsalita sa akin; at sinabi ng PANGINOONG sa aking: aking narinig ang mga salita ng hayang ito, na kanilang sinalita sa iyo; mabuti ang kanilang pagkasabi ng lahat na kanilang sinalita. **29** O kung manalagi sana sa kanila ang karamdamang ito, upang sila'y matakot sa akin, at kanilang ingatan ang lahat ng aking mga utos kailan man upang yumaong mabuti sa kanila, at sampuo sa kanilang mga anak magpakailan man! **30** Yumaon ka, sabihin mo sa kanilang: Magbalik kayo sa inyong mga dampa. **31** Nguni't tungkol sa iyo, matira ka rito sa akin, at aking sasalitain sa iyo ang lahat ng mga utos, at ang mga palatuntunan, at ang mga kahatulan, na iyong ituturo sa kanila, upang kanilang gawin sa lupain na aking ibinibigay sa kanila upang ariin. **32** Inyo ngang ingatang gawin gaya ng iniutos sa inyo ng PANGINOONG inyong Dios; huag kayong liliko sa kanan o sa kaliwa. **33** Kayo'y lalakad ng boong lakad na iniutos sa inyo ng PANGINOONG inyong Dios, upang kayo'y mabuhay, at upang maging mabuti sa inyo, at upang inyong mapahaba ang inyong mga araw sa lupain na inyong aariin.

**6** Ito nga ang utos, ang mga palatuntunan, at ang mga kahalutan, na iniu-

tos ng PANGINOONG inyong Dios na ituro sa inyo, upang inyong gawin sa lupain inyong pareroenan upang ariin: **2** upang ikaw ay matakot sa PANGINOONG inyong Dios, na iyong ingatang ang lahat niyang mga palatuntunan at kaniyang mga utos, na aking iniutos sa iyo, sa iyo, at sa iyong anak, at sa anak ng iyong anak sa lahat ng araw ng iyong buhay; at upang ang iyong mga araw ay humaba. **3** Dingin mo nga, Oh Israel, at iyong talimahin; upang maging mabuti sa iyo, at upang kayo'y kumapal na maigi, gaya ng ipinangako sa iyo ng PANGINOONG, ng Dios ng iyong mga magulang, sa lupain binubukalan ng gatas at pulot.

**4** Dingin mo, Oh Israel: ang PANGINOONG ating Dios ay isang PANGINOONG: **5** at iyong ibigin ang PANGINOONG inyong Dios ng iyong boong puso, at ng iyong boong kaluha, at ng iyong boong lakas. **6** At ang mga salitang ito, na aking iniutos sa iyo sa araw na ito, ay mamamalagi sa iyong puso: **7** at iyong mga ituturo ng boong ingat sa iyong mga anak, at iyong sasalitain sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumalakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga at pagka ikaw ay nababangon. **8** At iyong mga itatali na pinakatanda sa iyong kamay at mga magiging pinakabigkis sa iyong mga mata. **9** At iyong mga isusulat sa itaas ng pintuan ng iyong bahay, at sa iyong mga pintuangdaan.

**10** At mangyayari, pagka ipapasok ka ng PANGINOONG inyong Dios sa lupain na kaniyang isinumpa sa iyong mga magulang, kay Abraham, kay Isaac at kay Jakob upang ibigay sa iyo: na may malalaki at mabubuting ciudad na hindi mo itinayo. **11** at mga bahay na puno ng lahat na mabuting bagay, na hindi mo pinuno; at mga balong hukay na hindi mo hinukay, ng mga urasan at mga puno ng oliva, na hindi mo itinanim, at iyong kakainin at ikaw ay mabubusog; **12** kung magkagayoy mag-ingat ka, baka iyong malimutan ang PANGINOONG, na kumaha sa iyo sa lupain ng Egipto, sa bahay ng pagkatalipin. **13** Ikaw ay matatakot sa PANGINOONG inyong Dios; at sa kaniya'y maglilingkod ka, at sa pamamagitan lamang ng kaniyang pangalan susumpa ka. **14** Huag kang susunod sa ibang mga dios, sa mga dios ng mga nacióng nasa palibot mo; **15** sapagka't ang PANGINOONG

iyong Dios na nasa gitna mo, ay isang mapanibughoing Dios; baka ang galit ng PANGINOONG iyong Dios ay mag-alab laban sa iyo, at ikaw ay kaniyang lipulin sa balat ng lupa.

16 Huag ninyong tutuksuhin ang PANGINOONG inyong Dios, gaya ng tuksuhin ninyo siya sa Masa. 17 Iyong iingat ng boong ingat ang mga utos ng PANGINOONG iyong Dios, at ang kaniyang mga patotoo, at ang kaniyang mga palatuntunan, na kaniyang iniutos sa iyo. 18 At iyong gagawin ang matuid at mabuti sa paningin ng PANGINOON: upang maging mabuti sa iyo, at upang iyong mapasok at ariin ang mabuting lupain na isinumpa ng PANGINOON sa iyong mga magulang, 19 upang palayasin ang lahat ng iyong mga kaaway sa harap mo, gaya ng sinailita ng PANGINOON.

20 Pagka tatanungin ka ng iyong anak sa panahong darating, na sasabihing: Anong kahulugan ng mga patotoo, at ng mga palatuntunan, at ng mga kahalutulan, na iniutos sa inyo ng PANGINOONG ating Dios;? 21 kung magkagayon, iyong sasabihin sa iyong anak: Kami ay naging mga alipin ni Faraon sa Egipto, at inilabas kami ng PANGINOON sa Egipto sa pamamag-itan ng makapangyarihang kamay: 22 at ang PANGINOON ay nagpakita ng mga tanda at ng mga kababalaghang malalaki at panggiba sa Egipto, kay Faraon, at sa kaniyang boong bahay, sa harap ng aming mga mata: 23 at kami ay inilabas niya roon, na kaniyang ipinasok kami rito, upang ibigay sa amin ang lupain na kaniyang isinumpa sa ating mga magulang. 24 At iniutos ng PANGINOON sa amin na gawin ang lahat ng mga palatuntunang ito, na matakot sa PANGINOONG ating Dios, sa ikabubuti natin kailan man, upang tayo'y bigyan niya ng buhay, gaya sa araw na ito. 25 At siya'y magiging kabanalan sa atin, kung ating talimahin ang boong utos na ito sa harap ng PANGINOONG ating Dios, gaya ng iniutos niya sa atin.

7 Pagka ipapasok ka ng PANGINOONG iyong Dios sa lupain na iyong pinaroroonan upang ariin, at palalayasin ang maraming nasyon sa harap mo, ang Heteo, at ang Gergeseo, at ang Amorreo, at ang Kananeo, at ang Perezco, at ang Heveo, at ang Jebuseo, na pitong nasyon namga lalong malaki at mga lalong malakas kay sa iyo; 2 at pagka sila'y ibibigay sa harap mo ng PANGINOONG iyong Dios, at iyong susuga-

tan sila; kung magkagayo'y lubos na lili-pulin mo sila; huag kang makikipagtipan sa kanila o pagpakitaan ng kaawaan man sila: 3 o mag-aasawa man sa kanila; ang iyong anak na babaye ay huag mong ibibigay sa kaniyang anak na lalaki, o ang kaniyang anak na babaye man ay huag mong kukunin para sa iyong anak na lalaki. 4 Sapagka't kaniyang ihihihalay ang iyong anak na lalaki sa pagsunod sa aking, upang sila'y maglingkod sa ibang mga dios: sa gayo'y mag-aalab ang galit ng PANGINOON laban sa iyo, at kaniyang lilipulin kang madali. 5 Kung-di ganito ang iyong gagawin sa kanila; inyong igigiba ang kanilang mga altar, at inyong pagpipirapirasohin ang kanilang mga larawan, at inyong pagpuputluputulin ang kanilang mga Ashera, at inyong susunugin ang kanilang mga larawang binichurahan, sa apoy. 6 Sapagka't ikaw ay isang santong bayan sa PANGINOONG iyong Dios: pinili ka ng PANGINOONG iyong Dios upang maging tangging bayan sa kaniya, na higit sa lahat ng bayan na nasa ibabaw ng balat ng lupa. 7 Hindi kayo inibig ng PANGINOON, o pinili man kayo sa paraang kayo'y marami sa bilang kay sa alin mang bayan; sapagka't kayo ang pinakamaliit sa lahat ng bayan: 8 kungdi dahil sa inibig kayo ng PANGINOON, at dahil sa sa kaniyang tinupad ang sumpa na kaniyang isinumpa sa inyong mga magulang, ay kinuha kayo ng PANGINOON sa pamamag-itan ng makapangyarihang kamay, at tinubos kayo sa bahay ng pagkaalipin, sa kamay ni Faraong hari sa Egipto. 9 Talastasin mo nga, na ang PANGINOONG iyong Dios, siyang Dios: ang tapat na Dios, na tumutupad ng tipan at gumagamit ng kaawaan sa mga umiibig sa kaniya, at tumutupad ng kaniyang mga utos, sa libelibong lahi; 10 at ginagantihan sa kanilang mukha, ang mga napopoot sa kaniya, upang mga lipulin: siya'y hindi magluluat doon sa napopoot sa kaniya, kaniyang gagantihan sa kaniya ring mukha. 11 Iyo ngang tutuparin ang utos, at ang mga palatuntunan, at ang mga kahalutalan, na aking iniutos sa iyo sa araw na ito, upang iyong ganapin.

12 At mangyayari, na sa paraang iyong dininig ang mga kahalulang ito, at iyong tinutupad, at iyong mga ginaganap, na tutuparin sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios ang tipan, at gagamitin ang kaawaan, na kaniyang isinumpa sa iyong mga ma-

gulang: **13** at kaniyang iibigin ka, at pagpapalain ka, at padadamihin ka: kaniya rin namang pagpapalain ang bunga ng iyong katawan, at ang bunga ng iyong lupa, ang iyong trigo, at ang iyong alak, at ang iyong langis, ang karagdagan ng iyong mga bakahan, at ang mga guya ng iyong kawan sa lupain na kaniyang isinumpa sa iyong mga magulang, upang ibigay sa iyo. **14** Magiging mapalad ka kay sa lahat ng bayan: walang magiging baog na lalaki o babaye sa inyo o sa inyong mga hayop. **15** At ilalayo sa iyo ng PANGINOON ang lahat ng sakit; at wala siyang ihuhulog sa iyo sa mga masasamang sakit sa Egipto, na iyong nalalaman, kungdi mga ihuhulog niya sa lahat ng mga napopoot sa iyo. **16** At iyong lilipulin ang lahat ng mga tawo na ibibigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios; ang iyong mata ay huag mangluhinayang sa kanila; o maglilingkod ka man sa kanilang mga dios; sapagka't magiging isang halang sa iyo. **17** Kung iyong sasabihin sa iyong puso: Ang mga nacióng ito ay higit kay sa akin; paanong aking mga nakakambakan sila? **18** Huag kang matatakot sa kanila; iyong aakalalaning maabuti ang ginawa ng PANGINOONG iyong Dios kay Faraon, at sa boong Egipto; **19** ang mga dakilang katuksuhan na nakita ng iyong mga mata, at ang mga tanda, at ang mga kababalaghan, at ang makapangyarihang kamay, at ang unat na kamay, na ipinanglabas sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios: gayon ang gagawin ng PANGINOONG iyong Dios sa lahat ng tawo na iyong kinatatakutan. **20** Bukod dito'y susuguin sa kanila ng PANGINOONG iyong Dios ang *malaking* putakti hangang sa ang nangaiiwan, at nangatatago ay mamatay sa harap mo. **21** Huag kang masisindak sa kanila; sapagka't ang PANGINOONG iyong Dios ay nasa gitna mo, dakilang Dios at kakilakilabot. **22** At aalisin ng PANGINOONG iyong Dios ang mga nacióng yaon sa harap mo na unti-unti: hindi mo malilipol silang paminsan, baka ang mga hayop sa parang ay kumapal sa iyo. **23** Kungdi ibibigay sila ng PANGINOONG iyong Dios sa harap mo, at pupunuin sila ng isang malaking kabalisahan, hangang sa sila'y mgalipol. **24** At kaniyang ibibigay ang kanilang mga hari sa iyong kamay, at iyong pupawiin ang kanilang pangalan sa ilalim ng langit: walang lalaking makatatayo doon sa harap

mo, hangang sa iyong malipol sila. **25** Ang mga larawang hinichurahan na kanilang dios ay iyong susunugin sa apoy: huag mong imbotin ang pilak o ang ginto na nasa mga yaon, o kukunin mo man para sa iyo, baka sa iyo'y maging silo: sapagka't iyo'y isang kasuklamsuklam sa PANGINOONG iyong Dios: **26** at huag kang magdadala ng kasuklamsuklam sa iyong bahay, at baka ikaw ay maging hiwalay gaya niya: iyong lubos na kapopootan at iyong lubos na kasusuklaman, sapagka't hiwalay na bagay.

**27** Ang lahat ng utos na aking iniutos sa iyo sa araw na ito ay inyong gaganaping gawin, upang kayo'y mga buhay, at dumami, at inyong mapasok at arin ang lupain na isinumpa ng PANGINOON sa inyong mga magulang. **2** At iyong aalalahanin ang boong paraan na ipinanutnubay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios nitong apat na puong taon sa ilang upang kaniyang papakumbabin ka, at subukin ka, upang malaman kung ano ang nasa iyong puso, kung iyong gaganapin ang kaniyang mga utos o hindi. **3** At ikaw ay pinapakumbaba niya, at pinapagdadam ka niya ng guten; at pinakin ka niya ng mara, na hindi mo nakilala, o nakilala man ng iyong mga magulang: upang kaniyang maipakilala sa iyo na hindi sa tinapay lamang nabubuhay ang tawo, kungdi sa lahat na nagmumula sa bibig ng PANGINOON. **4** Ang iyong suot ay hindi naluma sa iyo, o ang iyo mang pua ay namaga nitong apat na puong taon. **5** At iyong pagmumuniuin sa iyong puso, na kung paanong pinarurusahan ng isang lalaki ang kaniyang anak, gayon pinarurusahan ka ng PANGINOONG iyong Dios: **6** At iyong gaganapin ang mga utos ng PANGINOONG iyong Dios, na lumakad ka sa kaniyang mga daan, at matakot ka sa kaniya. **7** Sapagka't dinadala ka ng PANGINOONG iyong Dios sa isang mabuting lupain, lupain ng mga batis ng tubig, ng mga bukal, at ng mga kalaliman, na bumubukal sa mga libis at mga burol: **8** lupain ng trigo at ng cebada, at ng puno ng uvas at ng puno ng higos, at ng mga granada; lupain ng langis ng olivo at ng pulot; **9** lupain na kakainan mo ng tinapay na di kapos, walang magkukulang sa iyo doon; lupain na ang mga bato ay bakal, at ang kaniyang mga burol ay makukunan mo ng tanso. **10** At kakain ka, at mabubusog ka, at iyong pupurihin ang PANGINOONG iyong Dios dahil sa ma-

buting lupain na kaniyang ibinigay sa iyo. **11** Mag-ingat ka baka iyong malimutan ang PANGINOONG iyong Dios, sa hindi mo pagganap ng kaniyang mga utos, at ng kaniyang mga kahatulan, at ng kaniyang mga palatuntunan, na aking iniutos sa iyo sa araw na ito: **12** baka pagka ikaw ay nakakain at nabusog, at nakapagtayo ng mabubuting bahay, at iyong natahanan; **13** at pagka ang iyong mga bakahan at ang iyong mga kawan ay dumami, at ang iyong pilak at ang iyong ginto ay dumami at ang lahat ng tinatankilik mo ay dumami; **14** magmalaki nga ang iyong puso, at iyong malimutan ang PANGINOONG iyong Dios, na naglabas sa iyo sa lupain ng Egipto, sa bahay ng pagkaalipin; **15** na siyang pumatnubay sa iyo sa malaki at kilakilabot na ilang, ng mga makamandag na ahas at mga alagdan, at ulaw na lupa, na doo'y walang tubig; na siyang nagpalabas ng tubig para sa iyo mula sa batong pinkian; **16** na siyang nagpakain ng mana sa iyo sa ilang, na hindi nakilala ng iyong mga magulang; upang kaniyang papakumbabin ka, at kaniyang subukin ka, upang pabutihin ka sa iyong wakas: **17** at iyong sabihin sa iyong puso: Ang aking kapangyarihan at ang lakas ng aking kamay ay siyang nagbigay sa akin ng kayamanan ito. **18** Kungdi iyong aalalahanin ang PANGINOONG iyong Dios, sapagka't siya ang nagbibigay sa iyo ng kapangyarihan upang magkaroon ka ng kayamanan; upang kaniyang maganap ang kaniyang tipan na kaniyang isinumpa sa iyong mga magulang, gaya ng nakikita sa araw na ito. **19** At mangyayari, na kung iyong kalilimutan ang PANGINOONG iyong Dios, at ikaw ay susunod sa ibang mga dios, at iyong paglilingkuran sila, at iyong sasambahin sila, aking pinatotohanan laban sa inyo sa araw na ito, na kayo'y tunay na malilipol. **20** Kung paano ang naciang lilipulin ng PANGINOON sa harap ninyo, gayon kayo malilipol; sapagka't hindi ninyo dininig ang voces ng PANGINOONG iyong Dios.

**9** Dingin mo, Oh Israel, ikaw ay daaran sa Jordan ng araw na ito, upang yumaon na ariin ang mga naciang na lalong malaki at lalong makapangyarihan kay sa iyo, na mga ciudad na malaki at nakukutaan hangang sa langit; **2** isang bayang malaki at matataas, ang mga anak ng mga Anakeo, na iyong

nakikilala, at mga narinig mong sinabing: **2** Sinong makatatayo sa harap ng mga anak ni Anak? **3** Talastasin mo nga sa araw na ito, na ang PANGINOONG iyong Dios ay siyang dawaan sa harap mo na parang mamumugnaw na apoy; kaniyang lilipulin sila, at kaniyang payuyukuin sila sa harap mo; sa gayo'y iyong mapalalayas sila, at iyong malilipol silang madali, gaya ng sinalita sa iyo ng PANGINOON.

**4** Huag kang magsasalita sa iyong puso, pagkatapos na mapalayas sila ng PANGINOONG iyong Dios sa harap mo, na iyong sasabihing: Dahil sa aking kabanalan ay dinala ako ng PANGINOON upang ariin ang lupaing ito; na sa paraang sa kasaman ng mga naciang ito ay pinalalayas ng PANGINOON sila sa harap mo. **5** Hindi dahil sa iyong kabanalan o dahil sa katuiran ng iyong puso, ay iyong ariin ang kamilang lupain: kungdi dahil sa kasaman ng mga naciang ito ay pinalalayas sila ng PANGINOONG Dios sa harap mo, at upang kaniyang matupad ang salita na isinumpa ng PANGINOON sa iyong mga magulang, kay Abraham, kay Isaak, at kay Jakob. **6** Talastasin mo nga, na hindi ibinigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios ang nabuting lupaing ito upang ariin dahil sa iyong kabanalan; sapagka't ikaw ay isang bayang may matigas na batok. **7** Alalahanin mo, huag mong kalimutan, kung paanong minungkahi mong magalit ang PANGINOONG iyong Dios sa ilang mula sa araw na kayo'y umalis sa lupain ng Egipto, hangang sa kayo'y dumating sa lugar na ito, kayo'y naging mapanghimagsik laban sa PANGINOON. **8** Gayon din sa Horeb iyong minungkahi ang PANGINOON na mag-init, at ang PANGINOON ay nagalit sa inyo, na kayo sana'y lilipulin.

**9** Ng ako'y sumampa sa bundok upang tangapin ang mga tablang bato, sa makatuid bagay ang mga tabla ng tipan na ginawa ng PANGINOON sa inyo, natira nga ako sa bundok na apat na puong araw at apat na puong gabi; hindi ako kumain ng tinapay o uminom man ng tubig. **10** At ibinigay sa akin ng PANGINOON ang dalawang tablang bato na simulatan ng daliri ng Dios. At sa mga yao'y nasusulat ang ayon sa lahat ng mga salita na sinalita ng PANGINOON sa inyo sa bundok mula sa gitna ng apoy, ng araw ng kapisanan. **11** At nangyari sa katapusan ng apat na puong araw at apat na puong gabi, na ibinigay sa akin

ng PANGINOON ang dalawang tablang bato, ang mga tabla ng tipan. **12** At sinabi ng PANGINOON sa aking: Magtindig ka, manag kang madali rito; sapagka't ang iyong bayan na iyong inilabas sa Egipto ay nangapakasama; sila'y madaling humiwalay sa daang aking iniutos sa kanila; sila'y nagsigawa para sa kanila ng isang larawang binubo. **13** Bukod dito'y sinalita sa akin ng PANGINOON, na siabing: Aking pakita ang bayang ito, at narito, isang bayang may matigas na bato: **14** bayaan mo ako upang aking lipulin sila, at aking pawiin ang kanilang pangalan sa ilalim ng langit: at gagawin kita na isang nacióng lalong makapangyarihan at lalong malaki kay sa kanila. **15** Sa gayo'y ako'y pumihit at nanaog sa bundok, at ang bundok ay naginingas ng apoy, at ang dalawang tabla ng tipan ay nasa aking dalawang kamay. **16** At tumingnan ako, at narito, kayo'y nagkasala laban sa PANGINOONG inyong Dios; kayo'y nagsigawa para sa inyo ng isang guyang binubo: kayo'y humiwalay na madali sa daan na iniutos sa inyo ng PANGINOON. **17** At aking tinangnan ang dalawang tabla, at aking binitawan sa aking dalawang kamay, at aking mga iniwalat sa harap ng inyong mga mata. **18** At ako'y nagpatirapa sa harap ng PANGINOON, gaya ng una, apat na puong araw at apat na puong gabi; hindi ako kumain ng tinapay o uminom man ng tubig; dahil sa inyong boong kasalanan na inyong pinagkasalahan sa paggawin ninyo ng masama sa paningin ng PANGINOON, na mibungkahi ninyo siya sa galit; **19** sapagka't natatakot ako dahil sa galit at maningas na poot, na ikinayamat ng PANGINOON laban sa inyo, na lilipulin sama kayo. Ngunit dininig din naman ako noon ng PANGINOON. **20** At ang PANGINOON'y totoong nagalit kay Aaron na siya sana'y papatayin: at akin din namang ipinamanhik si Aaron ng panahon ding yaon. **21** At aking kinuha ang inyong kasalanan, ang guyang inyong ginawa, at aking sinunog sa apoy, at aking dinurog, na giiling sa mainam, hangang sa naging durog na pangrang alabok; at aking inihagis ang alabok noon sa batis na umaagos mula sa bundok. **22** At sa Tabera, at sa Masa, at sa Kibrot-hataava, inyong mibungkahi ang PANGINOON sa pag-iinit. **23** At ng suguin kayo ng PANGINOON mula sa Kades-barnea, na sabiling: Sumanpa kayo at ariin ninyo

ang lupain na ibinigay ko sa inyo; kayo nga'y nanghimagsik laban sa utos ng PANGINOONG inyong Dios, at biudi ninyo pinanampalatayanan siya, o dininig ninyo man ang kaniyang woces. **24** Kayo'y naging mapanghimagsik laban sa PANGINOON, mula ng araw na kayo'y aking makilala. **25** Sa gayo'y ako'y nagpatirapa sa harap ng PANGINOON, na apat na puong araw at apat na puong gabi na ako'y nagpatirapa; sapagka't sinabi ng PANGINOON, na kaniyang lilipulin kayo. **26** At aking ipinanalangin sa PANGINOON, at aking sinabing: Oh Panginoong Dios, huag mong lipulin ang iyong bayan at ang iyong kayamanan, na iyong tinubos ng iyong kalakhan, na iyong inilabas sa Egipto ng makapangyarihang kamay. **27** Alalahanin mo ang iyong mga lingkod, si Abraham, si Isaac at si Jakob. Huag mong masdan ang katigasan ng bayang ito, ang kasaman nila, o ang kasalanan nila: **28** baka sabihin ng mga taga lupain pinaglaba-an mo sa amin: Sapagka't hindi sila naipasok ng PANGINOON sa lupain na ipinagako sa kanila, at sa kapootan niya sa kanila, ay inilabas sila upang patayin sa ilang. **29** Gayon may sila'y iyong bayan at iyong kayamanan, na iyong inilabas ng iyong dakilang kapangyarihan at ng iyong unat na kamay. **10** Ng panahong yaon ay sinabi ng PANGINOON sa aking: Humichura ka ng dalawang tablang bato gaya ng una, at sampahin mo ako sa bundok, at gumawa ka ng isang kabang kahoy; **2** at aking isusulat sa mga tabla ang mga salita na nasa unang mga tabla na iyong binasag, at iyong mga isisilid sa kaban. **3** Sa gayo'y ako'y gumawa ng isang kaban na kahoy na aracia, at ako'y humichura ng dalawang tablang bato gaya ng una, at ako'y sumampa sa bundok, na aking dala ang dalawang tabla sa aking kamay. **4** At kaniyang isinulat sa mga tabla, ayon sa unang sulat, ang sampuung utos, na sinalita ng PANGINOON sa inyo sa bundok mula sa gitna ng apoy ng kaarawan ng kapitanan: at mga ibinigay sa akin ng PANGINOON. **5** At ako'y pumihit at nanaog mula sa bundok, at aking inilagay ang mga tabla sa kaban na aking ginawa, at nangandoon, gaya ng iniutos sa akin ng PANGINOON. **6** At ang mga anak ng Israel ay naglakbay mula sa Recot Bene-jaakan hangang sa Mosera: doon namatay si Aaron, at doon siya inilibing; at si Eleazar na kaniyang



anak ay namahala sa katungkulang sacer-  
dote na kahalili niya. **7** Mula roon sila'y  
maglakbay hangang Gudgoda; at mula sa  
Gudgoda hangang sa Jotbata, lupain ng  
mga batis ng tubig. **8** Ng panahong  
yaon ay inihwalay ng PANGINOON ang  
angkan ni Levi, upang magdala ng kaban  
ng tipan ng PANGINOON, upang tumayo  
sa harap ng PANGINOON na mamahala sa  
kaniya, at upang pagpalain sa kaniyang  
pangalan hangang sa araw na ito. **9** Ka-  
ya't ang Levi ay walang bahagi o mana  
sa kasamahan ng kaniyang mga kapatid;  
ang PANGINOON siyang kaniyang mana,  
ayon sa sinalita ng PANGINOONG iyong  
Dios sa kaniya. **10** At ako'y nalabi sa  
bundok, gaya ng una, apat na puong  
araw at apat na puong gabi: at ako'y  
dininig din naman noon ng PANGINOON;  
hindi na inibig ng PANGINOONG lipulin  
ka. **11** At sinabi ng PANGINOON sa a-  
king: Magtindig ka, maglakbay ka sa  
umahan ng bayan; at sila'y papasok at  
kanilang aarin ang lupain, na aking  
isinumpa sa kanilang mga magulang u-  
pang ibigay sa kanila.

**12** At ngayon, Israel, ano ang hini-  
hingi sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios,  
kungdi matakot ka sa PANGINOONG iyong  
Dios, lumakad ka sa lahat ng kaniyang  
daan, at sintahin mo siya, at paglingku-  
ran mo ang PANGINOONG iyong Dios ng  
boong iyong puso at ng boong iyong  
kalula. **13** Ganapin mo ang mga utos ng  
PANGINOON, at ang kaniyang mga pala-  
tuntunan, na aking iniuutos sa iyo sa  
araw na ito sa iyong ikabubuti? **14** Na-  
rito, sa PANGINOONG iyong Dios nauukol  
ang langit, at ang langit ng mga langit,  
ang lupa, sampuo ng lahat na nandoon.  
**15** Ang PANGINOON lamang ay nagkaroon  
ng hilig sa iyong mga magulang na sin-  
tahin sila, at kaniyang pinili ang kani-  
lang binhi pagkamatay nila, sa makatuid  
baga'y kayo, sa lahat ng mga bayan gaya  
ng nakikita sa araw na ito. **16** Tuliin nga  
ninyo ang balat ng inyong puso, at huag  
ninyong patigasin ang inyong batok.  
**17** Sapagka't ang PANGINOONG inyong  
Dios, ay siyang Dios ng mga dios, at  
Panginoon ng mga panginoon, ang daki-  
lang Dios ang makapangyarihan at ang  
kakilakilabot, na hindi tumatangi ng  
mga tawo o tumatangap man ng kaloob.  
**18** Kaniyang hinahatulan ng matuid ang  
ulila at ang babayeng bao, at sinisinta  
ang taga-ibang lupa, na binibigyan niya  
ng pagkain at kasuotan. **19** Sintahin

nga ninyo ang taga ibang lupa: sa-  
pagka't kayo'y taga ibang lupa sa lupain  
ng Egipto. **20** Katatakutan mo ang PA-  
NINOONG iyong Dios: sa kaniya'y magli-  
lingked ka, at sa kaniya'y lalakip ka, at  
sa panamagitan ng kaniyang pangalan  
susumpa ka. **21** Siya ang iyong kapuri-  
han, at siya ang iyong Dios, na siyang  
ginawa para sa iyo nitong mga dakila at  
kakilakilabot na mga bagay, na nakita ng  
iyong mga mata. **22** Ang iyong mga  
magulang ay nanaog sa Egipto na may  
mga pitong puong katawo; at ngayo'y  
ginawa ka ng PANGINOONG iyong Dios na  
gaya ng mga bituin sa langit ang dami.

**23** Kaya't iyong iibigin ang PANGINOONG  
iyong Dios, at iyong susundin ang  
kaniyang bilin, at ang kaniyang mga pa-  
latuntunan, at ang kaniyang mga hatol,  
at ang kaniyang mga utos kailan man.  
**24** At talastasin ninyo sa araw na ito: sa-  
pagka't hindi ko sinasalita sa inyong mga  
anak na hindi mga nakakilala, at hindi  
nakakita ng parusa ng PANGINOONG in-  
yong Dios, ng kaniyang kalakhan, ng  
kaniyang malakas na kamay at ng kani-  
yang unat na kamay. **3** at ng kaniyang  
mga tanda, at ng kaniyang mga gawa, na  
kaniyang ginawa sa gitna ng Egipto kay  
Faraong hari sa Egipto, at sa kaniyang  
boong lupain; **4** at ng kaniyang ginawa  
sa hukbo ng Egipto, sa kanilang mga  
kabayo, at sa kanilang mga karro; kung  
paanong tinakpan niya sila ng tubig ng  
Dagat na Mapula ng kanilang babulin  
kayo, at kung paanong nilipol sila ng  
PANGINOON sa araw na ito; **5** at kung  
ano ang kaniyang ginawa sa inyo sa ilang  
hangang sa dumating kayo sa lugar na  
ito; **6** at kung ano ang kaniyang ginawa  
kay Datan at kay Abiram, na mga anak  
ni Eliab, na anak ni Ruben; kung pa-  
nong ibinuka ng lupa ang kaniyang bibig,  
at nilamon sila, at ang kanilang mga ka-  
sambahay, at ang kanilang mga dampa,  
at lahat ng bagay na may buhay na sa  
kanila'y mga sumusunod sa gitna ng boong  
Israel: **7** nguni't nakita ng inyong mga  
mata ang lahat ng dakilang gawa ng PA-  
NINOON na kaniyang ginawa. **8** Kaya't  
inyong susundin ang boong utos na aking  
inuutos sa iyo sa araw na ito, upang  
kayo'y maging malakas, at kayo'y puma-  
sok at aarin ninyo ang lupain, na inyong  
daraanang upang aarin; **9** at upang inyong  
mapahaba ang inyong mga araw sa iba-  
baw ng lupain na isinumpa ng PANGI-  
NOON sa inyong mga magulang na ibibigay

sa kanila at sa kanilang binhi, lupaing binubukalan ng gatas at pulot. **10** Sapagka't ang lupain na iyong pinaroroonan upang ariin, ay hindi gaya ng lupain ng Egipto, na iyong pinangalingan, na doo'y nagtatanim ka ng iyong binhi, at iyong dinidilig ng iyong paa, na parang taniman ng mga gulay: **11** kungdi ang lupain, na inyong daranan upang ariin, lupaing maburot at malibis, at dinidilig ng tubig ng ulan sa langit: **12** lupaing inaalaan ng PANGINOONG iyong Dios; ang mga mata ng PANGINOONG iyong Dios ay nandoon lagi, mula sa pasimula ng taon hangang sa katapusan ng taon.

**13** At mangyayari, kung inyong didinding mainam ang aking mga utos na aking iniutos sa inyo sa araw na ito, na sintahin ang PANGINOONG iyong Dios, at siya'y paglingkuran ng boong inyong puso, at ng boong inyong kalulua, **14** na ibibigay ko ang ulan ng inyong lupain sa kaniyang kapanahonan, ang maaga at tanghaling ulan, upang iyong makamalig ang iyong trigo, at ang iyong alak, at ang iyong langis. **15** At aking bibigyan ng damo ang iyong mga hayop sa iyong mga bukid, at ikaw ay kakain at mabubusog. **16** Mangag-ingat kayo, baka ang inyong puso ay madaya, at kayo'y magaligaw, at maglingkod sa ibang mga dios, at sumamba sa kanila; **17** at ang galit ng PANGINOON ay mag-alab laban sa inyo, at kaniyang sarhan ang langit, upang huag magkaroon ng ulan, at ang lupa'y huag magbigay ng kaniyang bunga; at kayo'y malipol na madali sa mabuting lupain na ibinibigay sa inyo ng PANGINOON. **18** Kaya't inyong ilalagay itong aking mga salita sa inyong puso, at sa inyong kalulua; at inyong mga itatali na pinakatanda sa inyong kamay at mga magiging pinakahadlang sa pag-itan ng inyong mga mata. **19** At inyong mga ituturo sa inyong mga anak, na sasalitain sa kanila, pagka ikaw ay nauupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumalakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga, at pagka ikaw ay nagbabangon. **20** At iyong mga isusulat sa itaas ng pintuan ng iyong bahay, at sa iyong mga pituang-daan: **21** upang ang inyong mga araw ay dumami at ang mga araw ng iyong mga anak, sa lupain na isinumpa ng PANGINOON sa inyong mga magulang upang ibigay sa kanila, gaya ng mga araw ng langit sa ibabaw ng lupa. **22** Sapagka't kung inyong susunding maingat ang boong utos

na ito na aking iniutos sa inyo upang gawin; na sintahin ang PANGINOONG iyong Dios, lamakad sa lahat ng kaniyang daan, at makilakip sa kaniya; **23** palalaysin nga ng PANGINOON ang lahat ng naciang ito sa harap niyong, at kayo'y mag-aari ng mga naciang lalong malaki at lalong makapangyarihan kay sa inyo. **24** Bawa't lugar na tutuntungan ng talampanan ng inyong paa ay magiging inyo: mula sa ilang, at Libano, mula sa ilog, sa ilog Eufrates, hangang sa dagat kalauran ay magiging inyong hanganan. **25** Walang lalaking makatatayo sa harap niyong: ilalagay ng PANGINOONG iyong Dios ang takot sa iyo at ang sindak sa iyo sa ibabaw ng boong lupain na inyong tutuntungan, gaya ng kaniyang sinalita sa inyo.

**26** Narito, inilalagay ko sa harap niyong sa araw na ito ang pagpapala at ang sumpa; **27** ang pagpapala, kung inyong didingin ang mga utos ng PANGINOONG iyong Dios, na aking iniutos sa inyo sa araw na ito; **28** at ang sumpa, kung hindi niyong didingin ang mga utos ng PANGINOONG iyong Dios, kungdi hihitalay kayo sa daan na aking iniutos sa inyo sa araw na ito, upang sumunod sa ibang mga dios, na hindi niyong mga nakilala.

**29** At magyayari, pagka ikaw ay ipapasok ng PANGINOONG iyong Dios sa lupain na iyong pinaroroonan upang ariin, na iyong ilalagay ang pagpapala sa bundok ng Gerizim, at ang sumpa sa bundok ng Ebal. **30** Di ba sila'y nasa dako paroon ng Jordan, sa dakong nilulubugan ng araw, sa lupain ng mga Kananeo na tumataban sa Araba, sa tapat ng Gilgal, sa siping ng mga encina sa More? **31** Sapagka't kayo'y daraan ng Jordan upang inyong pasukin na ariin ang lupain na ibinibigay sa inyo ng PANGINOONG iyong Dios, at inyong aariin, at tataan kayo doon. **32** At inyong tatalimain ang lahat ng mga palatuntunan at mga kahatulan na aking inilalagay sa inyo sa araw na ito.

**12** Ito ang mga palatuntunan at mga kahatulan na inyong tatalimain sa lupain na ibinibigay sa iyo ng PANGINOON, ng Dios ng iyong mga magulang upang ariin, sa lahat ng araw na inyong ikabubuhay sa ibabaw ng lupa. **2** Walang pag-alang inyong gigibain ang lahat ng lugar, na pinaglingkuran sa kanilang dios ng mga naciang na inyong aariin, sa

ibabaw ng matataas na bundok, at sa ibabaw ng mga burol, at sa ilalim ng baw't punong kahoy na sariwa: **3** at inyong iwawasak ang kanilang mga altar, at pagpipirapirasohin ang kanilang mga haligi, at susunugin ang kanilang mga Ashera ng apoy; at inyong ibubual ang mga larawang hinichurahan na kanilang mga dios; at inyong papawiin ang kanilang pangalan sa lugar na yaon. **4** Huag kayong gagawa ng ganito sa PANGINOONG inyong Dios. **5** Kungdi sa lugar na pipiliin ng PANGINOONG inyong Dios sa lahat ng inyong angkan upang ilagay ang kaniyang pangalan doon, sa kaniyang tahanan ay inyong hahanapin, at doon kayo paroroon: **6** at doon ninyo dadalhin ang inyong handog na susunugin, at ang inyong mga hayin, at ang inyong mga ikasampuonang bahagi, at ang mga handog na itataas ng inyong kamay, at ang inyong mga panata, at ang inyong mga kusang handog, at ang mga panganay sa inyong mga bakahan at sa inyong mga kawan: **7** at doon ninyo kakainin sa harap ng PANGINOONG inyong Dios, at kayo'y magagalak sa lahat na kalagyan ng inyong kamay, kayo at ang inyong kasambahay, saan ka pinagpala ng PANGINOONG inyong Dios. **8** Huag ninyong gagawin ang ayon sa lahat na bagay na ating ginagawa dito sa araw na ito, baw't tawo ay yaong matuid sa kaniyang sariling mga mata; **9** sapagka't hindi pa kayo nakararating sa kapahingahan at sa mana, na ibinibigay sa iyo ng PANGINOONG inyong Dios. **10** Datapua't pagdaan ninyo ng Jordan, at pagtahan sa lupain na ipinamamana sa inyo ng PANGINOONG inyong Dios, at pagkabigay niya sa inyo ng kapahingahan sa lahat ng inyong mga kaaway sa palibot, na ano pa't kayo'y tumahang ligtas; **11** mangyayari nga, na ang lugar na pipiliin ng PANGINOONG inyong Dios upang itahan ang kaniyang pangalan doon, doon ninyo dadalhin ang lahat na aking iniuutos sa inyo; ang inyong mga handog na susunugin, at ang inyong mga hayin, ang inyong mga ikasampuonang bahagi, at ang handog na itataas ng inyong kamay, at ang lahat ng inyong piling panata na inyong ipinanata sa PANGINOON: **12** at kayo'y magagalak sa harap ng PANGINOONG inyong Dios, kayo at ang inyong mga anak na lalaki at babaye, at ang inyong mga aliping lalaki at babaye, at ang Levita na nasa loob ng inyong mga pintuang-daan, sa paraang siya'y walang bahagi o mana man na kasama

ninyo. **13** Mag-ingat ka na huag mong ihahandog ang inyong handog na susunugin sa baw't lugar na iyong nakikita: **14** kungdi sa lugar na pipiliin ng PANGINOON sa isa sa iyong mga angkan, doon mo ihahandog ang inyong mga handog na susunugin, at doon mo gagawin ang lahat na aking iniuutos sa iyo. **15** Gayon ma'y makapapatay ka at makakakain ng laman, sa loob ng inyong lahat ng pintuang-daan, ayon sa boong nasa ng inyong kalulua, ayon sa pagpapala ng PANGINOONG inyong Dios na kaniyang ibinigay sa iyo: ang marumi at ang malinis ay makakain doon, gaya ng maliit na usa, at gaya ng malaking usa. **16** Huag lamang ninyong kakanin ang dugo; iyong ibubuhos sa lupa na gaya ng tubig. **17** Hindi mo makakain sa loob ng inyong mga pintuang-daan ang ikasampuonang bahagi ng inyong trigo, o ng inyong alak, o ng inyong langis, o ng mga panganay sa inyong bakahan o sa iyong kawan, o ano man sa iyong mga panata na iyong ipanata, o ang inyong mga kusang handog man, o ang handog na itataas ng inyong kamay: **18** kungdi iyon mga kakanin sa harap ng PANGINOONG inyong Dios sa lugar na pipiliin ng PANGINOONG inyong Dios, mo, at ng inyong anak na lalaki at babaye, at ng inyong aliping lalaki at babaye, at ng Levita na nasa loob ng inyong mga pintuang-daan: at ikaw ay magagalak sa harap ng PANGINOONG inyong Dios, sa lahat ng kalagyan ng inyong kamay. **19** Ingatan mong huag mong pabayaan ang Levita samantalang nabubuhay ka sa ibabaw ng inyong lupain. **20** Pagka palalakiin ng PANGINOONG inyong Dios ang inyong hanganan, gaya ng kaniyang ipinangako sa iyo, at iyong sasabihing, ako'y kakain ng laman, sapagka't ibig kumain ng laman ang inyong kalulua; makakakain ka ng laman, ayon sa boong nasa ng inyong kalulua. **21** Kung ang lugar na pipiliin ng PANGINOONG inyong Dios upang ilagay ang kaniyang pangalan doon ay totoong malayo sa iyo, papatay ka nga sa iyong bakahan o sa iyong kawan, na ibinigay sa iyo ng PANGINOON, gaya ng iniuutos ko sa iyo, at kakain ka sa loob ng inyong mga pintuang-daan, ayon sa boong nasa ng inyong kalulua. **22** Kung paano ang pagkain sa maliit at malaking usa, gayon kakanin; ang marumi at ang malinis ay makakain noon. **23** Huag lamang kakanin ang dugo: sapagka't ang dugo'y siyang buhay; at huag mong kakanin ang buhay

na kasama ng laman. **24** Huag mong kakainin; iyong ibubuhos sa ibabaw ng lupa na parang tubig. **25** Huag mong kakainin; upang yumaong mabuti sa iyo, at sa iyong mga anak pagkamatay mo, pagka iyong gagawin ang matuid sa mata ng PANGINOON. **26** Ang iyo lamang mga santong bagay na tinatankilik mo, at ang iyong mga panata, iyong mga kukunin, at yayaon ka sa lugar na pipiliin ng PANGINOON. **27** At iyong iiahandog ang iyong mga handog na susumugin, ang laman at ang dugo, sa ibabaw ng altar ng PANGINOONG iyong Dios; at ang dugo ng iyong mga hayin ay ibubuhos sa ibabaw ng altar ng PANGINOONG iyong Dios; at iyong kakanin ang laman. **28** Iyong sundin at dingin ang lahat ng salitang iniutos ko sa iyo, upang yumaong mabuti sa iyo, at sa iyong mga anak pagkamatay mo, magpakailan man, pagka iyong ginawa ang mabuti at matuid sa mga mata ng PANGINOONG iyong Dios.

**29** Pagka naihiwalay ng PANGINOONG iyong Dios ang mga nasyon, sa harap mo, na iyong pinapasok upang mga arin, at iyong mga naari, at nakatahan ka sa kanilang lupain, **30** mag-ingat ka na huag masilong sumunod sa kanila, pagkatapos na sila'y malipol sa harap mo; at huag kang mag-usika ng tungkol sa kanilang mga dios, na magsabing: Paanong naglingkod ang mga naciang ito sa kanilang mga dios? gayon din ang gagawin ko naman. **31** Huag mong gagawing gayon sa PANGINOONG iyong Dios: sapagka't baw't kasuklamsuklam sa PANGINOON, na kaniyang kinapopootan, kanilang ginagawa sa kanilang mga dios; sapagka't pati ng kanilang mga anak na lalaki at babaye ay kanilang sinusunog sa apoy sa kanilang mga dios.

**32** Kung anong bagay ang iniutos ko sa iyo, siya mong tatalimahan: Huag mong dadagdagan o babawasan man.

**13** Kung may bumangon sa gitna mo na isang profeta o isang mapanaginipin ng mga panaginip, at kaniyang bigyan ka ng isang tanda o kababalaghan, **2** at ang tanda o ang kababalaghan ay mangyari, na kaniyang pagsalitaan ka, na sabihing: Sumunod tayo sa ibang mga dios, na hindi mo nakilala, at ating paglingkuran sila; **3** huag mong didingin ang mga salita ng profetang yaon, o ng mapanaginiping yaon ng mga panaginip: sapagka't sinusubok kayo ng PANGINOONG iyong Dios, upang malaman kung inibig ninyo

ang PANGINOONG iyong Dios ng iyong boong puso at ng inyong boong kaluluwa. **4** Kayo'y lalakad ayon sa PANGINOONG iyong Dios, at matatakot sa kaniya, at gaganap sa kaniyang mga utos, at susunod sa kaniyang voces, at maghilingkod sa kaniya at lalaki sa kaniya. **5** At ang profetang yaon o ang mapanaginiping yaon ng mga panaginip, papatayin; sapagka't siya'y nagsalita ng panglihimagsik laban sa PANGINOONG iyong Dios, na naglabas sa iyo sa lupain ng Egipto, at tumuhos sa iyo sa bahay ng pagkaalipin, upang iligaw ka sa daan na iniutos sa iyong lakaran mo ng PANGINOONG iyong Dios. Ganito mo aalisin ang kasam-an sa gitna mo.

**6** Kung ang iyong kapatid na lalaki, ang anak ng iyong ina, o ang iyong anak na lalaki o babaye, o ang asawa ng iyong sinapupunan, o ang iyong kaibigan, na siyang parang iyong sariling kaluluwa, ay hinukin kang lihim, na sabihing: Tayo'y yumaon at maglingkod sa itang mga dios, na hindi mo nakilala, mo, o ng iyong mga magulang man; **7** sa mga dios ng mga bayan na nasa palibot ninyo na malapit sa iyo, o malayo sa iyo, mula sa isang katapusan ng lupa hangang sa kabilang katapusan ng lupa; **8** huag mong tutulutan siya o didingin siya; o huag kabilinayanngan mo man siya ng iyong mata, o kabalabagan mo man, o sampunan mo man; **9** kungdi walang pagsalang iyong papatayin; ang iyong kamay ang mangunguna sa kaniya upang patayin siya, at pagkatapos ang kamay ng boong bayan. **10** At iyong babatohan siya ng mga bato, upang siya'y mamatay; sapagka't kaniyang pinagsikapang ihiwalay ka sa PANGINOONG iyong Dios, na kumuha sa iyo sa lupain ng Egipto, sa bahay ng pagkaalipin. **11** At maririnig ng boong Israel, at matatakot, at hindi na gagawa ng ano mang kasam-an pa na gaya nito sa gitna mo.

**12** Kung iyong maririnig sagsayin ang tungkol sa isa sa iyong mga ciudad, na ibinibigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios upang tumalan ka doon, na sabihing: **13** Ilang mga anak ng kasam-an ay nagsalita sa gitna mo, at iniligaw ang mga mananahan sa kanilang ciudad, na nagsabing: Tayo'y yumaon at maglingkod sa ibang mga dios, na hindi ninyo mga nakilala; **14** iyo ngaug sisiyasatin at uusisain, at itatarong na mainam; at, narito, kung maging katotohanan, at ang

bagay ay tunay, ang gayong kasuklam-suklam ay nagawa sa gitna mo; **15** walang pag-alang iyong susugatan ang mga nananahan sa ciudad na yaon ng talim ng tabak, na iyong lubos na lilipulin, at ang lahat na nandoon at ang mga hayop noon ay iyong lilipulin ng talim ng tabak. **16** At iyong titipunin ang boong nasamsam doon, sa gitna ng langsgan noon, at iyong susunugin ng apoy ang ciudad, at ang boong nasamsam doon, baw't piraso, sa PANGINOONG iyong Dios: at magiging isang buuton magpakailan man; hindi na muling matatayo. **17** At huag kang magsasagi ng bagay na inihwalay sa iyong kamay: upang talikdan ng PANGINOON ang kabagsikan ng kaniyang galit, at pagpakitaan ka niya ng kaawaan, at magkaroon sa iyo ng habag, at paramihin ka, gaya ng isinumpa niya sa iyong mga magulang; **18** pagka iyong didingin ang voces ng PANGINOONG iyong Dios, na ganapin ang lahat ng kaniyang mga utos na aking iniutos sa iyo sa araw na ito, na gawin ang matuid sa mga mata ng PANGINOONG iyong Dios.

**14** Kayo'y mga anak ng PANGINOONG inyong Dios: huag kayong magkukudlit o magpapakalbo sa pag-itan ng inyong mata dahil sa patay. **2** Sapagka't ikaw ay isang santong bayan sa PANGINOONG iyong Dios, at ikaw ay pinili ng PANGINOON, upang maging tanging bayan sa kaniyang sarili, na higit sa lahat ng bayan na nasa ibabaw ng balat ng lupa.

**3** Huag kang kakain ng ano mang kasuklamsuklam na bagay. **4** Ito ang mga hayop na inyong kakanin: ang baka, ang tupa, at ang kambing, **5** ang malaking usa, at ang maliit na usa, at ang lalaking usa, at ang mabangis na kambing, at ang pygargo, at ang antilope, at ang gamuza. **6** At baw't hayop na may hati ang paa, at baak, at ngumunguya sa mga hayop, ay inyong makakain. **7** Gayon may' ang mga ito ay hindi ninyo kakanin sa kaniyang mga ngumunguya, o sa kaniyang baak: ang kamello, at ang liebre, at ang daman, sapagka't sila'y ngumunguya nguni't walang hati ang paa; mga marumi sa inyo: **8** at ang baboy, sapagka't may hating paa nguni't hindi ngumunguya, ito'y marumi sa inyo: tungkol sa laman nila'y huag ninyong kakanin, at ang kaniyang bangkay ay huag ninyong hilipuin. **9** Ang mga ito'y inyong kakanin sa lahat ng nasa tubig: ano mang may mga palikpik at mga kaliskis ay inyong ka-

kamin: **10** at ano mang walang mga palikpik at mga kaliskis ay huag ninyong kakanin; marumi nga sa inyo.

**11** Sa lahat ng ibong malinis ay makakain kayo. **12** Nguni't ang mga ito'y hindi ninyo makakain: ang agila, at ang kebranta-luesos, at ang agilang dagat; **13** at ang azor, at ang halkon, at ang milano ayon sa kaniyang pagka milano; **14** at baw't owak ayon sa kaniyang pagka-owak; **15** at ang avestruz, at ang kuago, at ang gaviota, at ang lawin ayon sa kaniyang pagkalawin; **16** ang munting kuago, at ang malaking kuago, at ang kuagong may sungay, **17** at ang pelikano, at ang buitre, at ang somormuho, **18** at ang ciguena at ang tagak, ayon sa kaniyang pagkatagak; at ang abubilla, at ang paniki. **19** At lahat ng may pakpak na umuusad na bagay, ay marumi sa inyo: mga hindi kakanin. **20** Sa lahat ng ibong malinis ay kayo'y makakain.

**21** Huag kayong kakain ng ano mang bagay na namatay ng sarili: iyong maibibigay sa taga ibang bayang nasa loob ng iyong mga pintuang-daan, upang kaniyang kamin; o iyong maipagbibili sa nangingibang-bayan: sapagka't ikaw ay isang santong bayan sa PANGINOONG iyong Dios. Huag mong lulutuin ang guyang kambing sa gatas ng kaniyang ina.

**22** Iyong sasampuing bahagi ng boong ingat ang boong bunga ng iyong binhi na nangagaling sa iyong bukid taon taon. **23** At ikaw ay kakain sa harap ng PANGINOONG iyong Dios, sa lugar na kaniyang pipiliin upang patahanin doon ang kaniyang pangalan, ang ikasampung bahagi ng iyong trigo, ng iyong alak, at ng iyong langis, at ang mga panganay sa iyong bakalian at sa iyong kawan; upang mag-aral kang matakot sa PANGINOONG iyong Dios kailan man. **24** At kung ang daan ay totoong mahaba sa iyo, na ano pa't hindi mo madadala, sapagka't ang lugar ay totoong malayo sa iyo, na pipiliin ng PANGINOONG iyong Dios upang ilagay ang kaniyang pangalan doon, pagka ikaw ay pagpapalain ng PANGINOONG iyong Dios: **25** iyo ngang sasalapiin, at iyong itatali ang salapi sa iyong kamay at paroroon ka sa lugar na pipiliin ng PANGINOONG iyong Dios. **26** at iyong gugugulin ang salapi sa ano mang nasain ng iyong kalulua, sa mga baka, o sa mga tupa, o sa alak, o sa matayang na inumin, o sa ano mang

ibigin sa iyo ng iyong kalulua: at iyong kakanin doon sa harap ng PANGINOONG iyong Dios, at ikaw ay magagalak, ikaw at ang iyong kasambahay: 27 at ang Levita na nasa loob ng iyong mga pintuan, huag mong pababayaan: sapagka't siya'y walang bahagi o mana na kasama mo.

28 Sa katapusan ng bawa't tatlong taon ay iyong kukunin ang boong ikasampung bahagi ng iyong bunga ng taong yaon, at iyong ilalagay sa loob ng iyong mga pintuang-daan: 29 at ang Levita, sapagka't siya'y walang bahagi o mana man na kasama mo, at ang taga ibang bayan, at ang ulila, at ang babayeng bao, na nanga sa loob ng iyong mga pintuang-daan, magsisiparoon at magsisikain at mgabubusog; upang pagpalain ka ng PANGINOONG iyong Dios sa lahat ng gawa ng iyong kamay na iyong ginagawa.

15 Sa katapusan ng bawa't pitong taon ay magpapatawad ka ng iyong mga utang. 2 At ito ang paraan ng magpapatawad: bawa't may pantang ay magpapatawad ng kaniyang ipinautang sa kaniyang kapua; huag niyang sasingilin sa kaniyang kapua, at sa kaniyang kapatid; sapagka't ang pagpapatawad ng PANGINOONG ay ipinagpatawad. 3 Sa isang nangingibang bayan ay iyong masisingil; ngunit ano mang tinatankilik mo na nasa iyang kapatid ay ipatatawad ng iyong kamay. 4 Gayon ma'y hindi magkaka-dukha sa iyo; (sapagka't walang pagsalag pagpapalain ka ng PANGINOONG sa lupain na ibinibigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios na pinakamana upang iyong arin;) 5 kung iyong didingin lamang maingat ang voces ng PANGINOONG iyong Dios, na talimahin ang boong utos na ito na aking iniutos sa iyo sa araw na ito.

6 Sapagka't pagpapalain ka ng PANGINOONG iyong Dios, gaya ng ipinaugako niya sa iyo: at ikaw ay magpapautang sa maraming mga nacion, ngunit hindi ka mangungutang; at ikaw ay magpupuno sa maraming mga nacion, ngunit hindi ka nila pag-pupunoan.

7 Kung magkakaroon sa iyo ng isang dukha, na isa sa iyong mga kapatid, na nasa loob ng iyong mga pintuang-daan sa iyong lupaing ibinibigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios, huag mong patitigasin ang iyong puso, o titikumin man ang iyong kamay sa iyong dukhang kapatid: 8 kungdi walang pagsalag iyong bu-

bukhin ang iyong kamay sa kaniya, at walang pagsalag iyong panutaing siya ng sapat sa kaniyang kailangan na kaniyang kinakailangan. 9 Pag-ingatan mong huag magkaroon ng masamang pag-iisip sa iyong puso, na iyong sabiling: Ang ikapitong taon, ang taon ng pagpapatawad, ay malapit na; at ang iyong mata'y maging masama laban sa iyong dukhang kapatid, at hindi mo siya bigyan; at siya'y dumaing sa PANGINOONG laban sa iyo, at maging kasalanan sa iyo.

10 Walang pagsalag siya'y iyong bibigyan, at ang iyong puso'y huag magdamdam pagka binibigyan mo siya, sapagka't dahil sa bagay na ito'y pagpapalain ka ng PANGINOONG iyong Dios sa lahat ng iyong gawa, at sa lahat ng patungon ng iyong kamay. 11 Sapagka't hindi mawawalan ng dukha sa lupain kailan man: kaya't aking iniutos sa iyo, na aking sinasabing: Walang pagsalag iyong bubukhin ang iyong kamay sa iyong kapatid, sa nagkakailangan mo, at sa dukha mo, sa iyong lupain.

12 Kung ang iyong kapatid, na Hebreong lalaki o babaye, ipagbili sa iyo, at maglingkod sa iyong anim na taon; sa ikapitong taon nga ay iyong papagpapalaaming laya sa iyo. 13 At pagka iyong papagpapalaaming laya sa iyo, ay huag mo siyang papagpapalaaming walang dala: 14 iyo siyang papagpapaalaming kapin na may kagandahang-loob ng bunga ng iyong kawan, at ng iyong gukan, at ng iyong uvasan: kung ano ang ipinagpala sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios, ay bibigyan mo siya. 15 At iyong aalalahain na ikaw ay alipin sa lupain ng Egipto, at tinubos ka ng PANGINOONG iyong Dios: kaya't iniutos ko sa iyo ang bagay na ito ngayon. 16 At mangyayari, kung sabihin niya sa iyo: Hindi ako aalis sa iyo: sapagka't iniibig ka niya at ang iyong bahay, sapagka't siya'y mabuti sa iyo; 17 kukuba ka nga ng isang pangbutas at ibutas mo sa kaniyang tainga sa pintuan, at siya'y magiging iyong alipin magpakailan man. At sa iyong aliping babaye man ay gayon din ang iyong gagawin. 18 Huag mamabigatin mo, pagka iyong papagpapalaaming laya sa iyo; sapagka't makalawa ng kaupahan ng magpapapaupang ang kaniyang ipinaglingkod sa iyo sa anim na taon: at pagpapalain ka ng PANGINOONG iyong Dios sa lahat ng iyong ginagawa.

19 Lahat ng pagganay na lalaki na

ipanganak sa iyong bakahan, at sa iyong kawan ay iyong itatalaga sa PANGINOONG iyong Dios: huag kang gagawa ng ano mang gagawing kasama mo ang panganay ng iyong baka, o gugupitan mo man ang panganay sa iyong kawan. **20** Iyong kakanin sa harap ng PANGINOONG iyong Dios taon taon sa lugar na pipiliin ng PANGINOON, mo, at ng iyong kasambahay. **21** At kung may ano mang kapintasan, pilay o bulag, ano mang masamang kapintasan, huag mong ihahayin sa PANGINOONG iyong Dios. **22** Iyong kakanin sa loob ng iyong mga pintuang-daan: ang marumi at ang malinis ay kakanin parejo, gaya ng maliit na usa at gaya ng malaking usa. **23** Huag mo lamang kakanin ang dugo noon; iyong ibubuhos sa ibabaw ng lupa na parang tubig.

**16** Iyong ipangingilin ang buan ng Abib, at ipagdidiwang ang paskua sa PANGINOONG iyong Dios: sapagka't sa buan ng Abib inilabas ka ng PANGINOONG iyong Dios sa Egipto, sa kinagabihan. **2** At iyong ihahayin ang paskua sa PANGINOONG iyong Dios, ang sa kawan at sa bakahan, sa lugar na pipiliin ng PANGINOON upang patahanin doon ang kaniyang pangalan. **3** Huag kang kakain sa paskua ng tinapay na may levadura; pitong araw na kakanin mo sa paskua ang tinapay na walang levadura, ang tinapay ng pagkapighati; sapagka't umalis ka sa lupain ng Egipto na madalian: upang iyong maalala ang araw na inialis mo sa lupain ng Egipto sa lahat ng araw ng iyong buhay. **4** At pitong araw na walang makikitang levadura sa iyo, sa lahat ng iyong hangganan; at sa ano mang laman na iyong ihahayin sa unang araw sa paglubog ng araw ay walang maliwan sa b'ong gabi, hangang sa umaga. **5** Hindi mo maihahayin ang paskua sa loob ng alim man sa iyong mga pintuang-daan, na ibinibigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios: **6** kungdi sa lugar na pipiliin ng PANGINOONG iyong Dios upang patahanin doon ang kaniyang pangalan, doon mo ihahayin ang paskua sa pagtatakip silim sa paglubog ng araw, sa panahon na iyong inialis sa Egipto. **7** At iyong ihawin at kakanin sa lugar na pipiliin ng PANGINOONG iyong Dios; at ikaw ay babalik sa kinaumagahan, at uwi sa iyong mga dampa. **8** Anin na araw na kakain ka ng tinapay na walang levadura: at sa ikapitong araw ay magkakaroon ka ng dakilang pagkakapisan sa PANGINOONG

iyong Dios; huag kang gagawa ng ano mang gagawin sa araw na yaon.

**9** Pitong sanglingo ang iyong bibilangin sa iyo: mula sa iyong pagpapasimula na isuot ang pangapas sa mga nakatayong trigo ay magpapasimula kang bumilang ng mga pitong sanglingo. **10** At iyong ipagdidiwang ang pista ng mga sanglingo sa PANGINOONG iyong Dios na may dulot ng kusang handog ng iyong kamay, na iyong ibibigay, ayon sa ipinagpala sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios: **11** at ikaw ay magagalak sa harap ng PANGINOONG iyong Dios, ikaw, at ang iyong anak na lalaki at babaye, at ang iyong aliping lalaki at babaye, at ang Levita na nasa loob ng iyong mga pintuang-daan, at ang taga ibang bayan, at ang ulila, at ang babayang bao, na nasa gitna mo, sa lugar na pipiliin ng PANGINOONG iyong Dios upang patahanin doon ang kaniyang pangalan. **12** At iyong aalalahanin na ikaw ay naging alipin sa Egipto: at iyong gaganapin at gagawin ang mga palatuntunang ito.

**13** Iyong ipagdidiwang ang pista ng mga dampa na pitong araw, pagkatapos na makatagalig mo ang aning mula sa iyong giikan at sa iyong uvasan: **14** at ikaw ay magagalak sa iyong pista, ikaw, at ang iyong anak na lalaki at babaye, at ang iyong aliping lalaki at babaye, at ang Levita, at ang taga ibang bayan, at ang ulila, at ang babayang bao, na nasa loob ng iyong mga pintuang-daan. **15** Pitong araw na ipagdidiwang mo ang pista sa PANGINOONG iyong Dios sa lugar na pipiliin ng PANGINOON: sapagka't pagpapalain ka ng PANGINOONG iyong Dios sa lahat ng iyong bunga, at sa lahat ng gawa ng iyong mga kamay, at ikaw ay lubos na magagalak. **16** Makaitlo sa isang taon na ang iyong mga lalaki ay magsisiharap sa PANGINOONG iyong Dios, sa lugar na kaniyang pipiliin; sa pista ng tinapay na walang levadura, at sa pista ng mga sanglingo, at sa pista ng mga dampa: at huag silang habarap sa PANGINOON na walang dala: **17** baw't lalaki ay magbibigay ng kaniyang kaya, ayon sa pagpapala na ibinigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios.

**18** Maghahalal ka sa iyo ng mga hukom at ng mga puno sa lahat ng iyong mga pintuang-daan, na ibinibigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios, ayon sa iyong mga angkan: at sila'y habatol sa bayan ng matuid na pag-hatol. **19** Huag kang

magliliko ng paghatol; huag kang gagalagin ng mga pagka-tawo: o kukuha man ng kaloob; sapagka't ang kaloob ay bumubulag ng mga mata ng marunong, at nagliliko ng mga salita ng banal. **20** Susundin mo ang katuiran na tunay, upang mabuhay ka at manahin mo ang lupain na ibinibigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios.

**21** Huag kang magtitindig sa iyo ng Ashera ng ano mang kahoy sa siping ng altar ng PANGINOONG iyong Dios, na gagawin mo para sa iyo. **22** O magtatayo man para sa iyo ng haligi; na kinapopotan ng PANGINOONG iyong Dios.

**17** Huag kang maghabayin sa PANGINOONG iyong Dios ng baka, o tupa, na may dungis o ano mang kapintasan: sapagka't yao'y isang kasuklamsuklam sa PANGINOONG iyong Dios.

**2** Kung may masusumpungan sa gitna mo, sa loob ng alin man sa iyong mga pintuang-daan, na ibinibigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios, na lalaki o babaye na gumagawa ng kasam-an sa paningin ng PANGINOONG iyong Dios, sa pagsulang-sang ng kaniyang tipan, **3** at yumaon at naglingkod sa ibang mga dios, at sumamba sa kanila, o sa araw, o sa buan, o sa ano man sa hukbo ng langit na hindi ko iniutos; **4** at isinaysay sa iyo, at iyong nabalitaan, ay iyo ngang sisiyasating maingat, at, narito, kung totoo, at ang bagay ay tunay, na ang gayong kasuklamsuklam ay nagawa sa Israel; **5** iyo ngang ilalabas ang lalaki o babayang yaon, na gumawa nitong bagay na kasam-an, sa iyong mga pintuang-daan, maging lalaki o babaye; at iyong babatubihin sila ng mga bato, upang sila'y mamatay. **6** Sa bibig ng dalawang saksi, o ng tatlong saksi ay papatayin ang papatayin; sa bibig ng isang saksi ay hindi siya papatayin. **7** Ang kamay ng mga saksi ay siyang unang papatay sa kaniya at pagkatapos ang kamay ng boong bayan. Ganito mo aalisin ang kasam-an sa gitna mo.

**8** Kung magkakaroon ng totoong mahirap na bagay sa iyo sa pag-hatol, na dugo't dugo, usap at usap, at bugbog at bugbog, na bagay na pagkakaalit sa loob ng iyong mga pintuang-daan, ikaw nga'y magtitindig at sasampa sa lugar na pipiliin ng PANGINOONG iyong Dios; **9** at ikaw ay paroroon sa mga sacerdoteng Levita, at sa mga hukom sa mga araw na yaon: at iyong mga isasangun; at kani-

tulan: **10** at iyong gagawin ayon sa tinig ng hatol, na kanilang ipakikilala sa iyo, mula sa lugar na yaon na pipiliin ng PANGINOONG; at iyong tatalimahin ayon sa lahat na kanilang ituturo sa iyo: **11** ayon sa tinig ng kautusan na kanilang ituturo sa iyo, at ayon sa kahatulan na kanilang isasavsay sa iyo, gagawin mo: huag kang liliko sa hatol na kanilang ipakikilala sa iyo, maging sa kanan o sa kaliwa man. **12** At ang tawo na gumawa ng pagpapalalo, sa di pakikinig sa sacerdoteng tumatayo upang mamahala doon sa harap ng PANGINOONG iyong Dios, o sa hukom, ang tawong yao'y papatayin: at iyong aalisin ang kasam-an sa Israel. **13** At makikinig at matatakot ang boong bayan, at di na gagawa pa ng pagpapalalo.

**14** Pagka ikaw ay dumating sa lupain na ibinibigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios, at iyong aarin, at iyong tatahanan; at iyong sasabiling: Ako'y maglalagay ng isang hari sa akin, gaya ng lahat ng nasyon na nasa palibot ko; **15** ikaw ay maglalagay sa ano mang paraan ng hari sa iyo, yaong pipiliin ng PANGINOONG iyong Dios: isa sa iyong mga kapatid ang ilalagay mong hari sa iyo: hindi mo mailalagay sa iyo ang isang taga ibang bayan, na hindi mo kapatid. **16** Huag lamang siyang magpaparami ng mga kabayo, o pabaliklin man niya ang bayan sa Egipto, upang siya'y makapagparami ng mga kabayo: sa paraang sinabi sa iyo ng PANGINOONG: Huag na ninyong babalikan mula ngayon ang daang yaon. **17** O magpaparami man siya ng mga asawa, upang ang kaniyang puso'y huag maligaw: o magpapakarami man siya ng pilak at ginto. **18** At mangyari, pagka siya'y luluklok sa luklukan ng kaniyang kaharian, na kaniyang susulatin ang isang salin ng kautusang ito sa isang libro, sa nasa harap ng mga sacerdoteng Levita: **19** at mamamalagi sa kaniya, at kaniyang babasahin lahat ng araw ng kaniyang buhay: upang siya'y mag-aral na matakot sa PANGINOONG kaniyang Dios, upang mga sunding gawin ang lahat ng salita ng kautusang ito at ng mga palatuntunanang ito. **20** upang ang kaniyang puso ay huag magmataas sa kaniyang mga kapatid, at siya'y huag maligaw sa utes, maging sa kanan, o sa kaliwa: sa paraan na kaniyang mapalaba ang kaniyang mga araw sa kaniyang kaharian, niya, at ng kaniyang mga kapatid sa gitna ng Israel.



**18** Ang mga sacerdote ng Levita, ang boong angkan ng Levi, hindi magkakaroon ng bahagi o mana man na kasama ng Israel; sila'y kakain ng mga handog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy, at ng kaniyang mana. **2** At sila'y hindi magkakaroon ng mana na kasama ng kanilang mga kapatid; ang PANGINOON ang kanilang mana, gaya ng sinalita niya sa kaniya. **3** At ito ang magiging karampatan ng mga sacerdote sa bayan, sa kanila na naghahandog ng hayin, maging baka o tupa, na kanilang ibibigay sa sacerdote ang balikat, at ang dalawang pisngi, at ang sikmura. **4** Ang mga unang bunga ng iyong trigo, ng iyong alak, at ng iyong langis, at ang unang mga gupit na balat sa iyong tupa, ibibigay mo sa kaniya. **5** Sapagka't pinili siya ng PANGINOONG iyong Dios sa lahat ng iyong angkan, upang tumayong mamahala sa pangalan ng PANGINOON, siya at ang kaniyang mga anak magpakailan man.

**6** At kung ang isang Levita ay umalis sa alin man sa mga pintuang-daan ng boong Israel na kaniyang pinanginibahang-bayan at pumaroon ng boong nasa ng kaniyang kalulua sa lugar na pipiliin ng PANGINOON; **7** mamamahala nga siya sa pangalan ng PANGINOONG kaniyang Dios, gaya ng ginagawa ng lahat ng kaniyang mga kapatid na mga Levita, na tumatayo doon sa harap ng PANGINOON. **8** Sila'y magkakaroon ng magkakaparehong bahagi na kakanin, bukod sa magmumula sa pinagbilhan sa mana sa kaniyang ama.

**9** Pagpasok mo sa lupain na ibinibigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios, huag kang mag-aaral gumawa ng ayon sa mga kasuklamsuklam ng mga nacióng yaon. **10** Huag makasumpung sa iyo ng sino mang nagpaparaan sa apoy ng kaniyang anak na lalaki o babaye, o nanghuhula, o nagmamasid ng mga pamahiin, o enkantador, o mangagaway, **11** o tawak, o sumasangunì sa mga karumaldumal na espiritu, o mahiko, o sumasangunì sa mga patay. **12** Sapagka't sino mang gumagawa ng mga bagay na ito ay kasuklamsuklam sa PANGINOON: at dahil sa mga kasuklamsuklam na ito ay pinalalayas sila ng PANGINOONG iyong Dios sa harap mo. **13** Ikaw ay pakakasakdal sa PANGINOONG iyong Dios. **14** Sapagka't ang mga nacióng ito, na iyong aariin, nakikinig sa kanila na nagmamasid ng mga pamahiin, at sa mga manghuhula: ngu-

ni't tungkol sa iyo, hindi ipinatiis ng PANGINOONG iyong Dios na gawin mong gayon. **15** Palilitawin sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios ang isang profeta sa gitna mo, sa iyong mga kapatid, na gaya ko; sa kaniya kayo makikinig; **16** ayon sa lahat ng iyong ninasa sa PANGINOONG iyong Dios sa Horeb, sa araw ng pagkakapisan, na iyong sasabihing: Huag mong ipadinig uli sa akin ang voces ng PANGINOONG aking Dios, o ipakita pa man sa akin itong dakilang apoy, upang huag akong mamatay. **17** At sinabi ng PANGINOON sa aking: Mabuti ang kanilang pagkasabi ng kanilang sinalita. **18** Aking ibabangon sa kanila ang isang profeta sa gitna ng kanilang mga kapatid, na gaya mo; at aking ilalagay ang aking mga salita sa bibig niya, at kaniyang sasalitain sa kanila ang lahat ng aking inuutos sa kaniya. **19** At mangyayari, na sino mang hindi makikinig sa aking mga salita na kaniyang sasalitain sa aking pangalan, aking uusisain sa kaniya. **20** Ngunit ang profeta na magsasalita ng salitang may pagpapalalo sa aking pangalan, na hindi ko inuutos sa kaniyang salitain, o magsasalita sa pangalan ng ibang mga dios, ang profeta ngang yaon ay papatayin. **21** At kung iyong sasabihin sa iyong puso: Paanong malalaman namin ang salita na hindi sinalita ng PANGINOON? **22** Pagka ang isang profeta ay nagsasalita sa pangalan ng PANGINOON, kung ang bagay na sinasabi ay hindi sumunod o mangyari man, yaon ang bagay na hindi sinalita ng PANGINOON: ang profetang yaon ay nagsalita ng kahambugan, huag mong katatakutan siya.

**19** Pagka ihihwalay ng PANGINOONG iyong Dios ang mga nacióng na lupaing ibinibigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios, at iyong mga hahalinhan sila, at iyong tatahanan ang kanilang mga ciudad, at ang kanilang mga bahay; **2** ipaghihiwalay mo ikaw ng tatlong ciudad sa gitna ng iyong lupain, na ibinibigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios upang ariin. **3** Ikaw ay maghuhanda sa iyo ng daan, at pagtatlohin mong bahagi ang mga banganan ng iyong lupain, na ipinamamana sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios, upang matakasan ng baw't nakamatay tawo. **4** At ito ang bagay ng nakamatay tawo, na tatakas doon at mabubuhay: sino mang pumatay sa kaniyang kapua

ng di sinasadya, at hindi niya kinapopoo-  
 lan ng panahong nakaraan; **5** gaya ng  
 tsang tawo na yumaon sa gubat na kasa-  
 ma ang kaniyang kapua upang pumutol  
 ng kahoy, at sa kamay niya na humaham-  
 pas na may palakol upang pumutol ng  
 kahoy, humagpos ang patalim sa tataug-  
 nan, at humagsak sa kaniyang kapua, na  
 ano pa't mamatay: siya'y tatakas sa isa sa  
 mga ciudad na yaon at siya'y mabubu-  
 hay: **6** baka habulin ng manghihiganti  
 sa dugo ang nakamatay-tawo, samanta-  
 lang ang puso'y nag-aalab, at siya'y kani-  
 yang abutan, sapagka't ang daan ay ma-  
 haba, at siya'y sugatan ng mabigat; na  
 siya'y di marapat patayin, sa paraang hin-  
 di niya kinapopootan ng panahong naka-  
 raan. **7** Kaya't iniuutos ko sa iyo, na  
*aking* sinasabing: Iyong ipaghiliwalay  
 ikaw ng tatlong ciudad. **8** At kung pala-  
 kihin ang iyong hanganan ng PANGI-  
 NOONG iyong Dios, gaya ng kaniyang  
 isinumpa sa iyong mga magulang, at ibi-  
 gay niya sa iyo ang boong lupain na  
 kaniyang ipinangakong ibibigay sa iyong  
 mga magulang; **9** kung iyong susunding  
 gawin ang boong utos na ito, na aking  
 iniuutos sa iyo sa araw na ito, na'sintahin  
 ang PANGINOONG iyong Dios, at lumakod  
 kailan man sa kaniyang mga daan; kung  
 magkagayo'y magdadagdag ka pa ng ta-  
 long ciudad sa iyo, buked sa tatlong ito:  
**10** upang huag mabuhos ang dugong wa-  
 lang sala sa gitna ng iyong lupain, na  
 ibinibigay sa iyo ng PANGINOONG iyong  
 Dios na pinakamana, at sa gayo'y magka-  
 roon sa iyo ng dugo. **11** Nguni't kung sino  
 mang lalaki, mapoot sa kaniyang kapua,  
 at pag-abangan niya siya, at siya'y mag-  
 tindig laban sa kaniya, at sugatan niya  
 siya ng mabigat, na ano pa't mamatay; at  
 siya'y tumakas sa isa sa mga ciudad na  
 ito: **12** ang mga matanda nga sa kani-  
 yang ciudad ay magsusugo at kukunin  
 siya roon, at ibibigay siya sa kamay ng  
 manghihiganti sa dugo, upang siya'y ma-  
 matay. **13** Ang iyong mata'y huag mang-  
 hihinayang sa kaniya; kungdi liliinis  
 mo sa Israel ang dugong walang sala,  
 upang yumaon sa iyong mabuti.

**14** Huag mong babaguhin ang patoto  
 ng iyong kapua, na kanilang inilagay ng  
 una, sa iyong mana na iyong mamamahin,  
 sa lupain na ibinibigay sa iyo ng PANGI-  
 NOONG iyong Dios upang arin.

**15** Huag saksi ay hindi makapagtitin-  
 dig laban sa iyang lalaki sa ano mang kas-  
 am-an, o sa ano mang kasalanan, sa ano

mang kasalananang kaniyang pinagkasala-  
 han: sa bibig ng dalawang saksi, o sa  
 bibig ng tatlong saksi ilalagda ang usap.  
**16** Kung ang isang sinungaling na saksi  
 ay magtindig laban sa kaniya mang lalaki  
 upang sumaksi laban sa kaniya ng isang  
 masamang gawa; **17** kung magkagayon  
 ang dalawang lalaking *yaong* nagkakaba-  
 sag-ul ay tatayo sa harap ng PANGI-  
 NOON, sa harap ng mga sacerdote at ng  
 mga hukom na magkakaroon sa mga araw  
 na yaon; **18** at sisiyasating mabuti ng  
 mga hukom: at, narito, kung ang saksi ay  
 saksing sinungaling, at sumaksi ng kasi-  
 nungalingan laban sa kaniyang kapatid;  
**19** gagawin mo nga sa kaniya, gaya ng  
 kaniyang inisip gawin sa kaniyang kapa-  
 tid: sa gayo'y iyong aalisin ang kasam-  
 an sa gitna mo. **20** At maririnig at matata-  
 kot *yaong* mga natitira, at hindi na sila  
 magkakamit pa ng gayong kasam-an sa  
 gitna mo. **21** At ang iyong mata'y huag  
 manghihinayang: bulay kung buhay,  
 mata kung mata, ngipin kung ngipin, ka-  
 may kung kamay, paa kung paa.

**20** Pagka ikaw ay lalabas upang ma-  
 kipagbaka laban sa iyong mga  
 kaaway, at makakita ka ng mga kabayo, at  
 mga karro, at ng isang bayang higit kay  
 sa iyo, huag kang matatakot sa kanila:  
 sapagka't ang PANGINOONG iyong Dios  
 ay sumasayo, na siyang naglabas sa iyo  
 sa lupain ng Egipto. **2** At mangyayari,  
 pagdaiti ninyo sa pakikipagbaka, na ang  
 sacerdote ay lalapit at magsasalita sa ba-  
 yan, **3** at sasabihin sa kanilang: Ding-  
 gin mo, O Israel, kayo'y lumalapit sa  
 araw na ito sa pakikipagbaka laban sa  
 inyong mga kaaway: huag manglupaypay  
 ang inyong puso; huag kayong matakot,  
 o manginig man, o maduag man dahil sa  
 kanila: **4** sapagka't ang PANGINOONG  
 inyong Dios ay siyang yumaon kasama  
 ninyo, upang ipakipagbaka kayo sa in-  
 yong mga kaaway, upang kayo'y iligtas.  
**5** At ang mga puno ay magsasalita sa  
 bayan, na magsasabing, ¿Sinong tawo ang  
 nagtayo ng isang bagong bahay, at hindi  
 pa niya natatalagaan? siya'y yumaon at  
 magbalik sa kaniyang bahay, baka siya'y  
 mamatay sa pakikipagbaka, at ibang tawo  
 ang magtalaga. **6** ¿At sinong lalaki ang  
 may itinanim na isang uvasan at hindi pa  
 niya napapakinabangan ang bunga noon?  
 siya'y yumaon at magbalik sa kaniyang  
 bahay, baka siya'y mamatay sa pakiki-  
 pagbaka, at ibang lalaki ang makinabang  
 ng bunga noon. **7** ¿At sinong lalaki ang

napakasal sa isang babaye at di niya kinuha siya? siya'y yumaon at magbalik sa kaniyang bahay, baka siya'y mamatay sa pakikipagbaka at ibang lalaki ang kumuha sa kaniyang asawa. **8** At muling magsasalita ang mga puno sa bayan, at kanilang sasabihing, ¿Sinong lalaki ang mata-takutin at mahinang-loob? siya'y yumaon at magbalik sa kaniyang bahay, baka ang puso ng kaniyang mga kapatid ay matunaw gaya ng kaniyang puso. **9** At mangyayari, pagka ang mga puno ay natapos ng makapanalita sa bayan, na sila'y maghahalal ng mga kapitan ng mga hukbo sa unahan ng bayan.

**10** Pagka ikaw ay lalapit sa isang ciudad upang makipagbaka, iyo ngang ihahayag ang kapayapaan doon. **11** At mangyayari, kung sagutin ka ng kapayapaan, at pagbuxan ka, ay mangyayari nga, na ang boong bayang masumpungan sa loob ay magiging sakop mo, at maglilingkod sa iyo. **12** At kung ayaw makipagpayapaan sa iyo, kungdi makipagbaka laban sa iyo, kukubkubin mo nga siya: **13** at pagka ibinigay ng PANGINOONG iyong Dios sa iyong kamay ay iyong susugatan ang bawat lalaki noon ng talim ng tabak: **14** ngunit ang mga babaye, at ang mga bata, at ang mga hayop, at ang boong nasa ciudad, pati ng boong nasamsam doon, kukuning mong pinakasamsam; at kakainin mo ang samsam sa iyong mga kaaway na ibinigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios. **15** Gayon ang iyong gagawin sa lahat ng ciudad na totoong malayo sa iyo, na mga hindi sa mga ciudad ng mga nacióng ito. **16** Ngunit sa mga ciudad ng mga bayang ito na ibinigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios na pinakamana, huag kang magtitira na may buhay ng ano mang bagay na humihinga: **17** kungdi iyong lilipulin sila; ang Heteo, at ang Amorreo, ang Kananeo, at ang Perezee, ang Heveo at ang Jebuseo; gaya ng iniutos sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios: **18** upang huag kayong turuan nilang gumawa ng ayon sa lahat nilang kasuklamuklam, na kanilang ginawa sa kanilang mga dios, na ano pat kayo'y magkasala laban sa PANGINOONG inyong Dios,

**19** Pagka iyong kukubkubing mahabang panahon ang isang ciudad sa pakikipagbaka upang sakupin, huag mong sisirain ang mga punong kahoy noon, na mga pagbuhatan ng palakol; sapagka't mga makakain mo, at huag mong mga

puputulin; sapagka't ang kahoy sa parang ay tawo, na kukulungin mo? **20** Ang mga punong kahoy lamang na iyong kilala na hindi mga kahoy na nakakain, ang iyong sisirain at mga puputulin; at iyong itatayong mga kuta laban sa ciudad na nakikipagbaka sa iyo, hangang sa maibual mo.

**21** Kung may masumpungang pinatay sa lupain na ibinibigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios upang ariin, na nabubulagta sa parang, at hindi malaman kung sinong sumugat sa kaniya: **2** ang iyo ngang mga matanda at ang iyong mga hukom ay lalabas, at kanilang susukatin ang layo ng mga ciudad na nasa palibot ng pinatay: **3** at mangyayari, na ang ciudad na malapit sa pinatay, ang mga matanda sa ciudad na yaon, ay kukuha ng isang dumalagang baka sa bakahan, na hindi pa nagagamit at hindi pa nakakapagpasan ng pamatok; **4** at ibababa ng mga matanda ang dumalagang baka sa isang libis na may agos ng tubig, na di pa nabubukid o nahahasikan man, at babaliin ang leeg ng dumalagang baka doon sa libis: **5** at ang mga sacerdote na mga anak ni Levi ay lalapit, sapagka't sila ang pinili ng PANGINOONG iyong Dios upang mamahala sa kaniya, at bumasbas sa pangalan ng PANGINOONG; at ayon sa kanilang salita pasisalahan ang bawat pagkakaalit at bawat bugbog: **6** at lahat ng matanda sa ciudad na yaon, na malapit sa pinatay, ay maghuhugas ng kanilang kamay sa dumalagang baka na binali ang leeg sa libis: **7** at sila'y sasagot at magsasabing; Ang aming kamay ay hindi nagbubo ng dugong ito, o nakita man ng aming mga mata. **8** Patawarin mo, Oh PANGINOON, ang iyong bayang Israel, na iyong tinubos, at huag mong tiising matira ang dugong walang sala sa gitna ng iyong bayang Israel. At ang dugo'y ipatatawad sa kanila. **9** Gayon mo aalisin ang dugong walang sala sa gitna mo, pagka iyong gagawin ang matuid sa mga mata ng PANGINOON.

**10** Pagka ikaw ay lalabas upang makipagbaka laban sa iyong mga kaaway, at ibinigay sila ng PANGINOONG iyong Dios sa iyong mga kamay, at dadalhin mo silang bihag, **11** at makakakita ka sa mga bihag ng isang magandang babaye, at magkaroon ka ng nasa sa kaniya, at ibigin mo siyang kuuing asawa, **12** siya nga'y iyong dadalhin sa iyong bahay; at kaniyang aahitan ang kaniyang ulo, at

gugupitin ang kaniyang mga kuko; **13** at kaniyang huhubarin ang suot na pagkabihag sa kaniya, at matitira sa iyong bahay, at iyakakan ang kaniyang ama at kaniyang ina na isang boong buan; at pagkatapos noon'y sisiping ka sa kaniya, at *ihaw ay magiging* asawa niya, at siya'y magiging iyong asawa. **14** At mangyayari, na kung di mo kalugdan siya, iyo ngang pabalayaang siyang yumaon kung saan niya ibig; ngunit huag mo siyang ipagbibili ng salapi, huag mo siyang aalipinin, sapagka't iyong pinangayupapa siya.

**15** Kung ang isang lalaki ay may dalawang asawa, ang isa'y sinisinta, at ang isa'y kinapopootan, at sila'y kapua magkaanak sa kaniya, ang sinisinta at ang kinapopootan; at kung ang maging pangnanay ay sa kinapopootan: **16** kung magkagayo'y mangyayari, sa araw na kaniyang pagmanahin ang kaniyang mga anak ng kaniyang tinatankilik, ay hindi niya magagawang pangnanay ang anak ng sinisinta na higit kay sa anak ng kinapopootan, na siyang pangnanay; **17** kung di kaniyang kikilalamin ang pangnanay, ang anak ng kinapopootan, na kaniyang bibigyan na may higit na dalawang bahagi sa boong kaniyang tinatankilik: sapagka't siya ang pasimula ng kaniyang lakas; ang matuid nga ng pagkapananay ay kaniya.

**18** Kung ang isang lalaki may matigas na loob at mapanghimagsik na anak, na ayaw makiing ng voces ng kaniyang ama, o ng voces ng kaniyang ina, at baga maukanilang parusahan siya ay ayaw makiing sa kanila: **19** hahawakan nga ng kaniyang ama at ng kaniyang ina at dadalhin sa mga matanda sa kaniyang ciudad, at sa pintuang-daan ng kaniyang lugar; **20** at kanilang sasabihin sa mga matanda sa kanilang ciudad: Itong aming anak ay matigas na loob at manghihimagsik, ayaw niyang dingin ang aming voces; siya'y may masamang buhay, at manglalasing. **21** At babatuhin siya ng labat ng lalaki sa kaniyang ciudad ng mga bato, upang siya'y mamatay: gayon mo aalisin ang kasam-an sa gitna mo; at maririnig ng boong Israel, at matatakot.

**22** Kung ang isang lalaki ay magkasala ng kasalaang marapat sa kamatayan, at siya'y patayin, at iyong ibitin siya sa isang punong kahoy; **23** ang kaniyang bangkay ay hindi maiwan boong gabi sa puno ng kahoy, kungdi walang pagsalang siya'y iyong ililibing sa araw ding yaon; sa-

pagka't ang bitin ay sinumpa ng Dios; upang huag mong iliawa ang iyong lupa na ibiniligay sa iyo ng PANGINOONG IYONG Dios, na ipinamana.

**22** Huag mong makikita ang baka ng iyong kapatid o ang kaniyang tupa na naliligaw, at ikaw ay magkukubli sa mga yaon: walang pagsalang iyong ibabalik sa iyong kapatid. **2** At kung ang iyong kapatid ay hindi malapit sa iyo, o kung hindi mo siya nakikilala, iyo ngang iiooy sa iyong bahay, at mapapasaiyo hangang sa hanapin ng iyong kapatid, at iyong ibabalik sa kaniya. **3** At gayon ang iyong gagawin sa kaniyang asno; at gayon ang iyong gagawin sa kaniyang damit; at gayon ang iyong gagawin sa baw't nawalang bagay ng iyong kapatid, na kaniyang iniwala at iyong nakuha: huag kang magkukubli.

**4** Huag mong makikita ang asno ng iyong kapatid o ang kaniyang baka na napahiga sa daan, at ikaw ay magkukubli sa mga yaon: walang pagsalang iyong tutulungan siya upang itindig sila uli.

**5** Isang babaye ay huag manamamit ng nauukol sa lalaki, o ang lalaki man ay magsusuot ng pananamit ng babaye; sapagka't sino mang gumagawa ng mga bagay na ito ay kasuklamuklam sa PANGINOONG IYONG Dios.

**6** Kung ang isang pugad ng ibon ay magkataong masumpungan mo sa daan, sa ano mang punong kahoy, o sa lupa, na may mga inakay o mga itlog, at humahalimbim ang inahin sa mga inakay, o sa mga itlog, huag mong kukunin ang inahin na kasama ng mga inakay: **7** sa ano mang paraan, iyong pawawalan ang inahin, ngunit ang inakay ay makukuha mong iyo; upang yumaong mabuti sa iyo, at upang humaba ang iyong mga araw.

**8** Pagka ikaw ay magtatayo ng isang bagong bahay, igagawa mo nga ng isang sangahan ang iyong pulupo, upang huag kang magdala ng sala ng dugo sa iyong bahay, kung ang sino mang tawo ay mahulog mula roon. **9** Huag mong tatanan ang iyong uvasan ng dalawang magkaibang binhi: baka ang boong bunga ay masira, ang binhi na iyong inihasik at ang bunga ng uvasan.

**10** Huag kang magbubukid na may isang baka at isang asno na magkasama. **11** Huag kang magbibihis ng magkahalag kayo, ng lana at kayong puti na magkasama.

**12** Gagawa ka sa iyo ng mga tirintas

sa apat na laylayan ng iyong balabal, na ipinangbabalabal mo sa iyo.

**13** Kung ang sino man ay mag-asawa, at sumiping sa kaniya, at kaniyang kapootan siya, **14** at kaniyang bintangau ng mga kahiyahiyang bagay, at ikalat ang isang masamang dangal niya, at sabiling. Aking kinuha ang babayeng ito, at ng ako'y lumapit sa kaniya, hindi ko nasumpungan sa kaniya ang mga tanda ng pagka doncella; **15** kung magkagayo'y ang ama ng binibini at ang kaniyang ina ay kukuha at maglalabas ng mga tanda ng pagka doncella ng binibini sa harap ng mga matanda sa ciudad, sa pintuang-daan; **16** at sasabihin ng ama ng binibini sa mga matanda: Ibinigay ko ang aking anak, sa lalaking ito na maging asawa at kaniyang kinapootan siya; **17** at, narito, kaniyang binibintangan ng mga kahiyahiyang mga bagay, na sinabing: Hindi ko nasumpungan sa iyong anak ang mga tanda ng pagka doncella; at gayon ma'y ang mga ito, ang mga tanda ng pagka doncella ng aking anak, at kaniyang ilaladlad ang kasuotan sa harap ng mga matatanda sa ciudad. **18** At kukunin ng mga matanda sa ciudad na yaon, ang lalaki at parurusahan siya; **19** at kaniyang sisingilan siya ng isang daang siklong pilak at mga ibibigay sa ama ng binibini, sapagka't kaniyang ikinalat ang isang masamang dangal ng isang doncella sa Israel: at siya'y magiging kaniyang asawa; hindi niya mapalalay sa lahat ng kaniyang araw. **20** Ngunit kung ang bagay na ito ay totoo, na ang mga tanda ng pagka doncella ay hindi nasumpungan sa binibini: **21** kanila ngang ilalabas ang binibini sa pintuan ng bahay ng kaniyang ama, at babatuhin siya ng mga bato ng mga lalaki sa kaniyang ciudad upang siya'y mamatay: sapagka't nagkasala siya ng kahayupan sa Israel, na uaglaro ng pagdadalahira sa bahay ng kaniyang ama: gayon mo aalisin ang kasam-an sa gitna mo.

**22** Kung ang isang lalaki ay nasumpungan, na sumisiping sa isang babayeng kasal sa isang asawa, kapua nga sila papatayin, ang lalaki na sumiping sa babaye, at ang babaye: gayon mo aalisin ang kasam-an sa Israel.

**23** Kung ang isang dalagang doncella ay napakasal sa isang lalaki, at nasumpungan siya ng isang lalaki sa ciudad, at sumiping sa kaniya; **24** inyo ngang ilalabas kapua sila sa pintuang-daan ng ciu-

dad na yaon, at inyong mga babatuhin sila ng mga bato upang sila'y mamatay; ang binibini sapagka't di siya sumigaw, ay nasa ciudad; at ang lalaki, sapagka't kaniyang pinangayupapa ang asawa ng kaniyang kapua: gayon mo aalisin ang kasam-an sa gitna mo.

**25** Ngunit kung nasumpungan sa parang ng lalaki ang isang binibining kasal, at dahasin ng lalaki siya, at sumiping sa kaniya; ang lalaki mga lamang na sumiping sa kaniya ang papatayin: **26** ngunit sa binibini ay huag kang gagawa ng ano man; wala sa binibini ano mang kasalanang marapat ikamatay: sapagka't gaya ng kung ang isang lalaki ay nagbabangon laban sa kaniyang kapua, at pinapatay niya siya, gayon din ang bagay na ito: **27** sapagka't nasumpungan niya siya sa parang, ang binibining kasal ay sumigaw; at walang magligtas sa kaniya.

**28** Kung nasumpungan ng isang lalaki ang isang binibining doncellang walang asawa, at ihiga niya siya, at sipingan niya siya, at sila'y nasumpungan; **29** ang lalaki nga na sumiping sa kaniya ay magbibigay sa ama ng binibini ng limang puong siklong pilak, at siya'y magiging kaniyang asawa, sapagka't kaniyang pinangayupapa siya; hindi niya mapaaalis sa lahat ng kaniyang kaarawan.

**30** Huag kukunin ng isang lalaki ang asawa ng kaniyang ama, at ililitaw ang balabal ng kaniyang ama.

**23** Ang nasugatan sa mga bato, o ang may lihim na sangkap ng katawang putol, hindi makapapasok sa kapisanan ng PANGINOON.

**2** Isang anak sa ligaw ay huag papasok sa kapisanan ng PANGINOON; hangang sa ikasampung lahi ay walang sa kaniya'y makapapasok sa kapisanan ng PANGINOON.

**3** Huag papasok ang isang Ammonita o Moabita sa kapisanan ng PANGINOON; hangang sa ikasampung lahi ay walang nauukol sa kanila na makapapasok sa kapisanan ng PANGINOON magpakailan man: **4** sapagka't hindi kayo sinalubong nila ng tinapay at ng tabig sa daan, ng kayo'y umalis sa Egipto; at sapagka't kaniyang inupahan laban sa iyo si Balaam na anak ni Beor mula sa Petor ng Mesopotamia upang sumpain ka. **5** Gayon ma'y hindi dininig ng PANGINOONG iyong Dios si Balaam; kungdi pinapaging pagpapala ng PANGINOONG iyong Dios, ang sumpa sa iyo; sapagka't iniibig ka

ng PANGINOONG iyong Dios. **6** Huag mong hahanapin ang kanilang kapayapaan o ang kanilang ikasusulong sa lahat ng iyo ng araw magpakailan man.

**7** Huag mong kasusuklamang ang Edo-meo; sapagka't siya'y iyong kapatid; huag mong kasusuklamang ang taga Egipto; sapagka't ikaw ay naging taga ibang lupa sa kaniyang lupain. **8** Ang mga anak ng ikatlong lahi nila na ipinanganak sa kanila ay makapapasok sa kapianan ng PANGINOON.

**9** Pagka ikaw ay lalabas sa kampo-mento laban sa iyong mga kaaway, ikaw nga'y magbabawa sa iyo sa baw't ma-mang bagay. **10** Kung magkaroon sa iyo ng sino mang lalaki, na hindi malinis dahil sa ano mang nangyari sa kaniya ng kinagabihan, lalabas nga sa kampo-mento, hindi siya papasok sa kampo-mento: **11** nguni't mangyayari kinahapunan, siya'y maliligo sa tubig: at pagka ang araw ay nakalubog na, papasok siya sa kampo-mento. **12** Ikaw ay magkakaroon naman, ng isang lugar sa labas ng kampo-mento, na iyong lalabas-an: **13** at ikaw ay magkakaroon din ng isang pala sa kasamahan ng iyong mga kasangkapan; at mangyayari, na pagka ikaw ay paliliked sa labas, ikaw ay huhukay, at ikaw ay babalik at tatakpan mo ang ipinaliked mo: **14** sapagka't ang PANGINOONG iyong Dios ay lumalakad sa gitna ng iyong kampo-mento, upang iligtas ka, at ibigay ang iyong mga kaaway sa harap mo; kaya't ang iyong kampo-mento ay magiging santo: upang huag siyang makakita ng ano mang maruming bagay sa iyo, at baka humiwalay sa iyo.

**15** Huag mong ibibigay sa kaniyang panginoon ang isang aliiping nagtaanan sa kaniyang panginoon na napasa iyo: **16** siya'y tatahang kasama mo, sa gitna mo, sa lugar na kaniyang pipiliin sa loob ng isa sa iyong mga pintuang-daan na kaniyang magalingin: huag mo siyang pipighatiin.

**17** Huag kang magkakaroon ng dalahira sa mga anak ng Israel, o magkakaroon man ng sodomita sa mga anak ng Israel. **18** Huag mong dadalhin ang bawad sa isang dalahira, o ang kaupahan sa isang aso, sa bahay ng PANGINOONG iyong Dios sa ano mang panata: sapagka't ang mga ito ay kapua kasuklamang sa PANGINOONG iyong Dios.

**19** Huag kang magpapahiram na may tubo sa iyong kapatid; tubo ng salapi,

tubo ng kakanin, tubo ng ano mang bagay na ipinahihiram na may tubo: **20** sa isang nangingibang-bayan ay makapagpapahiram ka na may tubo; nguni't sa iyong kapatid ay huag kang magpapahiram na may tubo: upang pagpalain ka ng PANGINOONG iyong Dios sa lahat ng pagpapatungan mo ng iyong kamay, sa lupain na iyong pinapasok upang arin.

**21** Pagka ikaw ay magpapanata ng isang panata sa PANGINOONG iyong Dios, huag kang magluluat ng pagbabawad: sapagka't walang pagsalang nasisain sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios; at magiging kasalanan sa iyo. **22** Nguni't kung ikaw ay magbawang manata, hindi magiging kasalanan sa iyo. **23** Ang lumabas sa iyong mga labi ay iyong gaganapin at gagawin; ayon sa iyong ipinanata sa PANGINOONG iyong Dios, isang kusang handog, na ipinangako mo ng iyong bibig.

**24** Pagka ikaw ay pumasok sa uvasan ng iyong kapua, makakakain ka nga ng mga uvas sa iyong kagustuhan hangang sa ikaw ay mabusog; nguni't huag kang maglalagay sa iyong buslo.

**25** Pagka ikaw ay pumasok sa nanakatayong trigo ng iyong kapua, makikitil mo nga ng iyong kamay ang mga uhay; nguni't huag kang gagalaw ng bigkis ng nakatayong trigo ng iyong kapua.

**24** Pagka ang isang lalaki ay kumuha ng isang babaye at napakasal sa kaniya, mangyayari nga, kung ang babaye ay hindi makasumpung ng magaling sa kaniyang mga mata, sapagka't siya'y nakasumpung ng isang kahiyahyang bagay sa kaniya, na siya'y makasusulat sa kaniya ng isang sulat ng paghihiwalay, at ibigay sa kaniyang kamay, at papagpaalamin siya sa kaniyang bahay. **2** At pagkaalis niya sa bahay ng lalaki, siya'y makayayaon at maging asawa ng ibang lalaki. **3** At kung kapootan siya ng huling asawa, at isulat siya ng isang sulat ng paghiwalay, at ibigay sa kaniyang kamay, at papagpaalamin siya sa kaniyang bahay; o kung mamatay ang huling asawa, na kumuha sa kaniya upang maging asawa niya; **4** ang kaniyang unang asawa na humiwalay sa kaniya, hindi na siya makukuhang muling maging asawa niya, pagkatapos na kaniyang mapangayupapa siya; sapagka't yao'y kasuklamang sa harap ng PANGINOON: at huag mong papagkakasalain ang lupain na ibinibigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios na pinakamana.

**5** Pagka ang isang lalaki ay bagong kasal, huag lalabas na kasama sa hukbo o mamamahala ng ano mang katungkulan; siya'y magiging laya sa bahay na isang taon at kaniyang pasasayahin ang kaniyang asawa na kaniyang kinuha. **6** Walang tawong kukuha ng gilingan o ng batong sa itaas ng gilingan na pinakasanla: sapagka't parang kaniyang kinuhang pinakasanla ang buhay ng tawo.

**7** Kung ang isang lalaki ay masumpungang ninakaw ang sino man sa kaniyang mga kapatid, sa mga anak ng Israel, at kaniyang inalipin siya, o ipinagbili siya; ang magnanakaw nngang yaon ay papatayin: gayon mo aalisin ang kasam-an sa iyong gitna.

**8** Pag-ingatan mo nga ang salot na ketong, upang iyong sunding maingat at gawin ang ayon sa lahat na ituturo, sa iyo ng mga sacerdoteng Levita; kung paanong itinuro ko sa kanila ay gayon mo susunding gawin. **9** Alalahanin mo ang ginawa ng PANGINOONG iyong Dios kay Maria sa daan ng kayo'y lumalabas sa Egipto.

**10** Pagka ikaw ay magpapahiram sa iyong kapua ng ano mang bagay na hiram, huag kang papasok sa kaniyang bahay upang kumuha ng kaniyang sanla. **11** Ikaw ay tatayo sa labas, at ang lalaki na iyong pinahihiram ay maglalabas ng sanla sa iyo. **12** At kung siya'y mahirap ay huag kang matutulog na may sanla ka niya: **13** walang pagsalang iyong isasauli sa kaniya ang sanla paglubog ng araw, upang siya'y matulog sa kaniyang damit, at pagpalain ka: at magiging kabanalan mo sa harap ng PANGINOONG iyong Dios.

**14** Huag mong pipighatiin ang isang magpapanang dukha at salat, maging siya'y sa iyong mga kapatid, o sa mga iyong taga ibang lupain, na nangasa iyong lupain sa loob ng iyong mga pintuang-daan: **15** sa kaniyang kaarawan ay ibibigay mo sa kaniya ang kaniyang kaupahan, at huag lulubugan man siya ng araw; sapagka't siya'y mahirap, at siyang inaasahan ng kaniyang puso; baka siya'y dumaing laban sa iyo sa PANGINOON, at maging kasalanan sa iyo.

**16** Hindi papatayin ang mga ama dahil sa mga anak, o ang mga anak man ay papatayin dahil sa mga magulang; baw't tawo'y papatayin dahil sa kaniyang saring kasalanan.

**17** Huag mong ililiko ang matuid ng

taga ibang bayan, o ng ulila man; o kukunin mo mang sanla ang damit ng babayeng bao: **18** iyong aalalahanin na ikaw ay naging alipin sa Egipto, at tinubos ka ng PANGINOONG iyong Dios mula roon: kaya't iniutos ko sa iyong gawin mo ang bagay na ito.

**19** Pagka iyong aanihin ang iyong ani sa bukid, at nakalimot ka ng isang bigkis sa bukid, huag mong pagbabalikang kunin: magiging sa taga ibang lupa, sa ulila, at sa bao: upang pagpalain ka ng PANGINOONG iyong Dios sa lahat ng gawa ng iyong mga kamay.

**20** Pagka iyong papaspasan ang iyong puno ng oliyo, huag mong pagbabalikan ang mga nalagpasan; magiging sa taga ibang bayan, sa ulila, at sa babayeng bao.

**21** Pagka ikaw ay mamimitas sa iyong uvasan, huag mong pamumulutin ang nasa likuran mo; magiging sa taga ibang bayan, sa ulila, at sa babayeng bao. **22** At iyong aalalahanin na naging alipin ka sa lupain ng Egipto: kaya't iniutos ko sa iyong gawin ang bagay na ito.

**25** Kung magkaroon ng pagkakaalit ang mga lalaki, at sila'y magsakdal sa hatulan, at sila'y hatulan ng mga hukom; kanila nga ng mamatuirin ang may matuid at habatulan ang salarin; **2** at mangyayari, kung ang salarin ay marapat paluin, ay padadapain siya sa lupa ng hukom, at papaluin sa kaniyang harap, ayon sa kaniyang sala na may bilang. **3** Apat na puong palo ang maibibigay niya sa kaniya, huag niyang lalagpasan: baka kung siya'y lumagpas, at paluin niya ng higit sa mga ito ng maraming palo, ang iyong kapatid nga ay maging lamak sa iyo.

**4** Huag mong lalagyan ng pugong ang baka pagka gumigiik.

**5** Kung magkapatid ay tumahang magkasama, at isa sa kanila'y mamatay, at walang anak, ang asawa ng patay ay hindi mag-aasawa sa labas ng kamaganakan: ang kapatid ng kaniyang asawa ay sisiping sa kaniya, at kukunin siya niyang asawa, at tutuparin sa kaniya ang katungkulan ng pagkakatid ng asawa. **6** At mangyayari, na ang pangnanay na kaniyang ipangunganak ay hahalili sa pangalan ng kaniyang kapatid na namatay, upang ang kaniyang pangalan ay huag mapawi sa Israel. **7** At kung ayaw kunin ng lalaki ang asawa ng kaniyang kapatid, ang asawa nga ng kaniyang kapatid ay sasampa sa pintuang-daan sa

mga matanda, at sasabihing: Ang kapatid ng aking asawa ay tumatanging itindig ang pangalan ng kaniyang kapatid sa Israel, ayaw niyang tuparin sa akin ang katungkulang pagkakapatid ng asawa. **8** Kung magkagawo'y tatawagin siya ng mga matanda sa kaniyang ciudad, at pangungusapan siya: at kung siya'y tumayo at sabihin niyang: Ayokong kunin siya: **9** ang asawa nga ng kapatid ay paroroon sa kaniya sa harap ng mga matanda at huluhanin ang pangyapak niya sa kaniyang mga paz, at lulura sa kaniyang mukha; at siya'y sasagot at sasabihing: Ganiyan ang gagawin sa lalaki, na ayaw magtayo ng bahay ng kaniyang kapatid. **10** At ang kaniyang pangala'y tatawagin sa Israel: Ang bahay ng hinubaran ng pangyapak.

**11** Pagka ang dalawang lalaki ay nagkaaliti na kapua, ang isa'y sa isa, at ang asawa ng isa ay lumapit upang ligtas ang kaniyang asawa sa kamay ng sumungat sa kaniya, at hinumat niya ang kaniyang kamay at hinawakan niya ang mga sangkap na liliin: **12** iyo ngang puputalin ang kaniyang kamay; ang iyong mata'y huag maughihinayang.

**13** Huag kang magkakaroon sa iyong supot ng iba't ibang panimbang, ng isang malaki at ng isang maliit. **14** Huag kang magkakaroon sa iyong bahay ng iba't ibang takalan ng isang malaki at ng isang maliit. **15** Isang tunay at tapat na panimbang magkakaroon ka; isang tunay at tapat na takalan magkakaroon ka: upang ang iyong mga araw ay humaba sa ibabaw ng lupaing ibinibigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios. **16** Sapagka't yaong lahat na gumagawa ng gayong mga bagay, sa makatuid baga'y yaong lahat ng gumagawa ng di matuid ay kasuklamuklam sa PANGINOONG iyong Dios.

**17** Alalahanin mo ang ginawa sa iyo ni Amalek sa daan ng ikaw ay lumalabas sa Egipto; **18** na kung paanong sinalubong ka niya sa daan, at sinungatan niya ang mga pinakamabina sa iyo, yaong lahat na mahina sa hulihan mo, ng ikaw ay pagod at pagal; at siya'y hindi natakot sa Dios. **19** Kaya't mangyayari, pagka binigyan ka ng PANGINOONG iyong Dios ng kapahingahan sa lahat ng iyong mga kaaway sa palibot, sa lupain na ibinibigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios na pinakamana upang arin, na iyang papawiin ang pinakaalaala kay Amalek sa ilalim ng langit. Huag mong lilimutin.

**26** At mangyayari, pagka nakapesoh ka sa lupain na ibinibigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios na pinakamana, at iyong inaari, at iyong tinatahanan; **2** na iyong kukunin ang mga una sa lahat ng bunga ng lupain, na iyong mga pipitasin sa lupain na ibinibigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios: at iyong mga isilid sa isang buslo, at ikaw ay paroroon sa lugar na pipilin ng PANGINOONG iyong Dios, upang patalhanin ang kaniyang pangalan doon: **3** at paroroon ka sa sacerdote sa mga araw na yaon, at sasabihin mo sa kaniyang: Aking inihahayag sa araw na ito sa PANGINOONG iyong Dios, na ako'y nasok sa lupain na isinumpa ng PANGINOONG sa aming mga magulang, upang ibigay sa amin. **4** At kukunin ng sacerdote ang buslo sa iyong kamay at ilalagay sa harap ng altar ng PANGINOONG iyong Dios. **5** At ikaw ay sasagot, at magasabi sa harap ng PANGINOONG iyong Dios: Isang taga Siria na kamunti ng mamatay ang aking ama; siyang bumaba sa Egipto, at nangibang-bayan doon, na kaonti sa bilang; at doo'y siya'y naging isang nasyon, malaki, makapangyarihan, at marami: **6** at kami ay tinampalasan ng mga taga Egipto, at pinighati kami, at idinagan sa amin ang isang mabigat na pagkaalipin: **7** at kami ay dumaing sa PANGINOONG, sa Dios ng aming mga magulang, at dinilig ng PANGINOONG ang aming voces, at tiningnan ang aming pagkapighati, at ang aming gagawin, at ang aming kapighatian; **8** at kinuha kami ng PANGINOONG sa Egipto ng kamay na makapangyarihan, at ng unat na kamay, at ng kakilakilabot na gitla, at ng mga tanda, at ng mga kababalaghan: **9** at kaniyang dinala kami sa dakong ito, at ibinigay sa amin ang lupaing binubukalan ng gatas at pulot. **10** At ngayon, narito, aking dala ang mga una sa bunga ng lupa, na ibinigay mo sa akin, oh PANGINOONG. At iyong ilalagap sa harap ng PANGINOONG iyong Dios, at sasamba ka sa harap ng PANGINOONG iyong Dios: **11** at magagalak ka sa lahat ng magaling na ibinigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios, at sa iyong bahay, ikaw, at ang Levita, at ang taga ibang lupa na nasa gitna mo.

**12** Pagka iyo ng natapos ang pagbibigay ng boong ikasampuong bahagi ng iyong pakinabang sa ikatlong taon, na siyang taon ng pagbibigay ng ikasampuong bahagi, iyo ngang ibibigay sa Levita, sa taga



ibang lupa, sa ulila, at sa babayeng bao, upang kanilang makain sa loob ng iyong mga pinturang-daan, at mabusog; **13** at iyong sasabihin sa harap ng PANGINOONG iyong Dios: Aking inalis ang mga pina-paging santong bagay sa aking bahay, at aking mga ibinigay naman sa Levita, at sa taga ibang lupa, sa ulila at sa babayeng bao, ayon sa iyong boong utos na iyong iniutos sa akin: hindi ko sinalangang ang ano man sa iyong mga utos, o aking mga kinalimutan man: **14** hindi ko kinain sa aking pagluluksa, o inilabas ko man nang ako'y marumi, o ibinigay ko man upang gamitin sa patay: Aking dininig ang voces ng PANGINOONG aking Dios, aking ginawa ayon doon sa boong iniutos mo sa akin. **15** Tumingin ka sa ibaba mula sa iyong santong tahanan, mula sa langit, at basbasan mo ang iyong bayang Israel, at ang lupa na iyong ibinigay sa amin, gaya ng iyong isinumpa sa aming mga magulang, na isang lupang binubukalan ng gatas at pulot.

**16** Sa araw na ito ay iniutos sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios, na tuparin mo ang mga palatuntunan at mga hatol na ito: iyo ngang mga gaganapin at mga gagawin ng iyong boong puso, at ng iyong boong kalulua. **17** Iyong inihayag sa araw na ito na ang PANGINOONG iyong Dios, at ikaw ay lalakad sa kaniyang mga daan, at iyong gaganapin ang kaniyang mga palatuntunan, at ang kaniyang mga utos, at ang kaniyang mga hatol, at iyong didingin ang kaniyang voces: **18** at inihayag ng PANGINOONG sa iyo sa araw na ito, na maging isang tanging bayan ka sa kaniya, gaya ng ipinangako niya sa iyo, upang iyong ganapin ang lahat ng kaniyang utos; **19** at upang itaas ka sa lahat ng mga nacion na kaniyang nilik-ha, sa ikapupuri, at sa ikababantog, at sa ikarangal; at upang ikaw ay maging isang santong bayan sa PANGINOONG iyong Dios, gaya ng kaniyang sinabi.

**27** At si Moises at ang mga matanda sa Israel ay nag-utos sa bayan, na nagsabing: Ganapin mo ang lahat ng utos na iniutos ko sa inyo sa araw na ito. **2** At mangyayaring sa araw na iyong daranan ang Jordan na patungo sa lupain na ibinigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios, na maglalagay ka ng malalaking bato, at iyong tatapalan ng apog; **3** at iyong isusulat sa mga ito ang lahat ng salita ng kautusang ito, pagka iyong naraanan;

upang iyong mapasok ang lupain na ibinigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios, isang lupaing binubukalan ng gatas at pulot, gaya ng ipinangako sa iyo ng PANGINOONG, ng Dios ng iyong mga magulang. **4** At mangyayari na pagdaraan mo ng Jordan, na iyong ilalagay ang mga batong ito, na iniutos ko sa iyo sa araw na ito, sa bundok ng Ebal, at iyong mga tatapalan ng apog. **5** At doo'y magtatayo ka ng isang altar sa PANGINOONG iyong Dios, isang altar ng mga bato; huag kang magbubuhat sa mga ito ng mga kasangkapang bakal. **6** Iyong itatayo ang altar ng PANGINOONG iyong Dios, na walang hichurang mga bato, at maghahandog ka roon ng mga handog na susunugin, sa PANGINOONG iyong Dios: **7** at ikaw ay maghahayin ng mga handog tungkol sa kapayapaan, at iyong kakanin doon; at ikaw ay magagalak sa harap ng PANGINOONG iyong Dios. **8** At iyong isusulat na molinaw sa mga batong yaon, ang lahat ng salita ng kautusang ito.

**9** At si Moises at ang mga sacerdoteng Levita ay nagsalita sa boong Israel, na nagsabing: Tumahimik ka at dingin mo, O Israel; sa araw na ito ay naging bayan ka ng PANGINOONG iyong Dios. **10** Iyo ngang susundin ang voces ng PANGINOONG iyong Dios, at gagawin mo ang kaniyang mga utos at ang kaniyang mga palatuntunan na aking iniutos sa iyo sa araw na ito.

**11** At ibinilin ni Moises sa bayan ng araw ding yaon, na sinabing: **12** Ang mga ito'y tatayo sa ibabaw ng bundok Gerizim, upang basbasan ang bayan, pagka inyong naraanan na ang Jordan; si Simeon, at si Levi, at si Juda, at si Isakar, at si Jose, at si Benjamin: **13** at ang mga ito'y tatayo sa ibabaw ng bundok Ebal upang sumumpa; si Ruben, si Gad, at si Asher, at si Zabulon, si Dan, at si Neftali. **14** At ang mga Levita ay sasagot, at magsasabi ng malakas na voces sa lahat ng lalaki sa Israel:

**15** Sumpain ang lalaking gumagawa ng larawang hinichurahan o binubo, bagay na kasuklamsuklan sa PANGINOONG, gawa ng mga kamay ng mangagawa, at inilagay sa lugar na lihim: At ang boong bayan ay sasagot at magsasabing: Siya nawa.

**16** Sumpain yaong lumabag sa kaniyang ama o sa kaniyang ina: At ang boong bayan ay magsasabing: Siya nawa.

**17** Sumpain yaong bumago ng patoto

ng kaniyang kapua. At ang boong bayan ay magsasabing: Siya nawa.

**18** Sumpain yaong magligaw ng bulag sa daan. At ang boong bayan ay magsasabing: Siya nawa.

**19** Sumpain yaong magliko ng matuid ng taga ibang bayan, ng ulila at ng babayeng bao. At ang boong bayan ay magsasabing: Siya nawa.

**20** Sumpain yaong sumiping sa asawa ng kaniyang ama; sapagkat kaniyang inilitaw ang balabel ng kaniyang ama. At ang boong bayan ay magsasabing: Siya nawa.

**21** Sumpain yaong sumiping sa alin mang hayop. At ang boong bayan ay magsasabing: Siya nawa.

**22** Sumpain yaong sumiping sa kaniyang kapatid na babaye, sa anak ng kaniyang ama, o sa anak na babaye ng kaniyang ina. At ang boong bayan ay magsasabing: Siya nawa.

**23** Sumpain yaong sumiping sa kaniyang blawan: At ang boong bayan ay magsasabing: Siya nawa.

**24** Sumpain yaong sumugat ng liliim sa kaniyang kapua. At ang boong bayan ay magsasabing: Siya nawa.

**25** Sumpain yaong tumanggap ng kaloob upang pumatay ng isang tawong walang sala. At ang boong bayan ay magsasabing: Siya nawa.

**26** Sumpain yaong hindi umayon sa mga salita ng kautusang ito upang mga gawin. At ang boong bayan ay magsasabing: Siya nawa.

**28** At mangyayaring kung iyong didinding maingat ang voces ng PANGINOONG iyong Dios, upang sunding gawin ang lahat-niyang utos na aking iniutos sa iyo sa araw na ito, na itataas ka ng PANGINOONG iyong Dios sa lahat ng nasyon sa lupa: **2** at ang lahat ng pagpapalang ito ay darating sa iyo at sama iyo, kung iyong didingin ang voces ng PANGINOONG iyong Dios. **3** Magiging mapalad ka sa bayan, at magiging mapalad ka sa parang. **4** Magiging mapalad ang bunga ng iyong katawan, at ang bunga ng iyong lupa, at ang bunga ng iyong mga hayop, ang karagdagan sa iyong bakahan at ang mga anak ng iyong kawan. **5** Magiging mapalad ang iyong buslo at ang iyong batia. **6** Magiging mapalad ka sa iyong pagpasok, at magiging mapalad ka sa iyong paglabas. **7** Pasusugatan ng PANGINOONG sa harap mo ang iyong mga kaway na nagbabangon laban sa iyo: sila'y

lalabas laban sa iyo sa isang daan at tatakas sa harap mo, sa pitong daan. **8** Untutan ng PANGINOONG ang kaniyang pagpapala sa iyo sa iyong kamalig, at sa lahat ng pagpatungan mo ng iyong kamay; at pagpapalain ka niya sa lupa na ibinigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios. **9** Itatag ka ng PANGINOONG na isang santong bayan sa kaniya, gaya ng kaniyang isinumpa sa iyo; kung iyong tutuparin ang mga utos ng PANGINOONG iyong Dios, at lalakad ka sa kaniyang mga daan. **10** At makikita ng lahat ng bayan sa lupa, na ikaw ay tinawag sa pamamagitan ng pangalan ng PANGINOONG; at sila'y matatakot sa iyo. **11** At ikaw ay pasasuganin ng PANGINOONG, sa ikababuti mo, sa bunga ng iyong katawan, at sa bunga ng iyong mga hayop, at sa bunga ng iyong lupa, sa lupa na isinumpa ng PANGINOONG sa iyong mga magulang upang ibigay sa iyo. **12** Bubuksan ng PANGINOONG sa iyo ang kaniyang mabuting kayamanan, ang langit, upang ibigay ang ulan sa iyong lupa sa kaniyang kapanalunan, at upang pagpalain ang boong gawa ng iyong kamay; at ikaw ay magpapahiram sa maraming nasyon, at ikaw ay hindi hihiram. **13** At gagawin ka ng PANGINOONG na ulo at hindi buntot; at ikaw ay magiging sa ibabaw lamang, at hindi ka mapapagsallim; kung iyong didingin ang mga utos ng PANGINOONG iyong Dios, na aking iniutos sa iyo sa araw na ito, na sundin at gawin; **14** at huag kang lilihis sa ano man sa mga salita na aking iniutos sa inyo sa araw na ito, sa kanan o sa kaliwa man, na sumungod sa ibang mga dios upang paglingkuran sila.

**15** Ngunit mangyayari, kung hindi mo didingin ang voces ng PANGINOONG iyong Dios, na sunding gawin ang kaniyang lahat na utos at ang kaniyang palatuntunan na aking iniutos sa iyo sa araw na ito; na ang lahat ng sumpang ito ay darating sa iyo at sama iyo. **16** Sumpain ka sa ciudad, at susumpain ka sa purang. **17** Susumpain ang iyong buslo at ang iyong batia. **18** Susumpain ang bunga ng iyong katawan, at ang bunga ng iyong lupa, ang karagdagan ng iyong bakahan at ang mga anak ng iyong kawan. **19** Susumpain ka sa iyong pagpasok, at susumpain ka sa iyong paglabas. **20** Susugin ng PANGINOONG sa iyo ang sumpa, ang kabalisahan, at ang saway, sa lahat ng pagpapatungan ng iyong kamay

na iyong gagawin, hangang sa ikaw ay mabual, at hangang sa ikaw ay malipol na madali; dahil sa kasam-an ng iyong mga gawa, na sa gayao'y iniwan mo ako. **21** Ikakapit sa iyo ng PANGINOON ang salot hangang sa matnaw ka sa lupa, na iyong pinapasok upang ariin. **22** Susugatan ka ng PANGINOON ng sakit na tuyo, at ng lagnat, at ng malaking init, at ng mabigat na lagnat, at ng tabak, at ng salot ng hangin, at ng sakit sa pag-ani; at kanilang hahabulin ka hangang sa ikaw ay malipol. **23** At ang iyong langit na na sa itaas ng iyong ulo, ay magiging tanso, at ang lupa na nasa ilalim mo ay magiging bakal. **24** Ang ipaulan ng PANGINOON sa iyong lupa ay abo at alabok; mula sa langit ay bababa sa iyo, hangang sa ikaw ay magiba. **25** Pasusugatan ka ng PANGINOON sa harap ng iyong mga kaaway. Ikaw ay lalabas sa isang daan laban sa kanila, at tatakas sa pitong daan sa harap nila: at ikaw ay magiging isang sindak sa lahat ng kaharian sa lupa. **26** At ang iyong mga bangkay ay magiging pagkain sa lahat ng ibon sa hinpapawid, at sa mga hayop sa lupa; at walang magpapalayas sa kanila. **27** Susugatan ka ng PANGINOON ng sugat, sa Egipto, at ng mga bukol, at ng galis at ng kati na hindi mapagagaling. **28** Susugatan ka ng PANGINOON ng pagkaulat ng puso; **29** at ikaw ay mag-aapuhap sa katanghaliang tapat gaya ng bulag na nag-aapuhap sa kadiliman, at hindi ka giginhawa sa iyong mga lakad, at ikaw ay mapipighati at mamamanglaw kailan man, at walang nagliligtas sa iyo. **30** Ikaw ay mag-aasawa at ibang lalaki ang sisiping sa kaniya: ikaw ay magtatayo ng isang bahay, at hindi mo tatahanan: ikaw ay mag-uwasan, at hindi mo mapapakinabangan ang bunga noon. **31** Ang iyong baka ay papatayin sa harap ng iyong mga mata, at hindi mo makakain yaon; ang iyong asno ay aagawin sa harap ng iyong mukha, at hindi na masasauli sa iyo: ang iyong tupa ay mabibigay sa iyong mga kaaway, at walang nagliligtas sa iyo. **32** Ang iyong mga anak na lalaki at babaye ay mabibigay sa ibang bayan, at ang iyong mga mata ay titingin at mangangalay ng paghihintay sa kanila sa boong araw: at ang iyong kamay ay walang magagawa. **33** Ang bunga ng iyong lupa, at lahat ng iyong gawa ay kakanin ng nacióng di mo naki-

kilala; at ikaw ay mapipighati at mabalansag palagi: **34** na ano pa't ikaw ay mauuol dahil sa makikita ng paningin ng iyong mga mata. **35** Susugatan ka ng PANGINOON sa mga tuhod at sa mga hita, ng isang masamang sibol na hindi mo mapagagaling, mula sa talampakan ng iyong paa hangang sa bawo ng iyong ulo. **36** Dadalhin ka ng PANGINOON, at ng iyong haring ilalagay mo sa iyo, sa isang nacióng hindi mo nakilala, mo o ng iyong mga magulang man; at doo'y maglilingkod ka sa ibang mga dios, na kahoy at bato. **37** At ikaw ay magiging isang kamanghaan, isang kawikaan, at isang kabiroan sa lahat ng bayang pagdadalhan sa iyo ng PANGINOON. **38** Kukuba ka ng mara-ming binhi sa bukid, at kaunti ang iyong titipunin; sapagka't uubusin ng balang. **39** Ikaw ay mag-uwasan at iyong mga aalagaan, nguni't hindi ka man iibon ng alak, o mamimitas man; sapagka't mga kakanin ng uod. **40** Magkakaroon ka ng mga puno ng olivo sa lahat ng iyong hanganan, nguni't hindi ka magpapahid ng langis; sapagka't ang iyong olivo ay malalaganan ng buko. **41** Ikaw ay magka-kanak ng mga lalaki at mga babaye nguni't siya'y hindi magiging iyo; sapagka't sila'y yayaon sa pagkabiha. **42** Lahat ng iyong puno ng kahoy at bunga ng iyong lupa ay auriin ng balang. **43** Ang taga ibang lupa na nasa gitna mo ay tataas ng higit at higit sa iyo, at ikaw ay bababa ng pababa ng pababa. **44** Siya'y makapagpapahiram sa iyo; at ikaw ay hindi makapagpapahiram sa kaniya: siya'y magiging ulo, at ikaw ay magiging buntot. **45** At lahat ng sumpang ito ay darating sa iyo at hahabulin ka, at aabutan ka, hangang sa magiba ka; sapagka't hindi mo dininig ang woces ng PANGINOONG iyong Dios, upang ganapin ang kaniyang mga utos at ang kaniyang mga palatuntunan na kaniyang inuitos sa iyo: **46** at sila'y magiging isang tanda at isang kababalaghan sa iyo, at sa iyong binhi magpakailan man: **47** sapagka't hindi ka naglilingkod sa PANGINOONG iyong Dios na may kagalakan, at may kasayaban ng puso, dahil sa kasaganaan ng lahat na bagay: **48** kaya't maglilingkod ka sa iyong mga kaaway na susuguin ng PANGINOON laban sa iyo, na may gutom, at uhaw, at kabubaran, at sa kakulangan ng lahat na bagay: at lalagyan ka niya ng isang pamatok sa iyong leeg hangang sa mabual ka niya. **49** Magdadala ang

PANGINOON ng isang nacióng laban sa iyo mula sa malayo, mula sa katapusan ng lupa, gaya ng nililipad ng aguila; isang nacióng ang wika'y hindi mo nalabatid; **50** nacióng mukhang mabangis, na hindi igagalang ang pagkatawo ng maitanda, o magpapakundangán man sa bata: **51** at kaniyang kakanin ang anak ng iyong hayop at ang bunga ng iyong lupa, hangang sa maibual ka; na wala ring matitira sa iyong trigo, alak, o langis, ng karagdagan ng iyong bakahan, o ng anak ng iyong kawan, hangang sa ikaw ay malipol. **52** At kaniyang kukubkubin ka sa lahat ng iyong mga pintuang-daan, hangang sa ang iyong mataas at nakababakod na kuta ay malagpak, na siyang iyong inaasahan, sa iyong boong lupain; at kaniyang kukubkubin ka sa lahat ng iyong pintuang-daan sa iyong boong lupain, na ibinigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios. **53** At kakinin ka ng bunga ng iyong sariling katawan, ng laman ng iyong mga anak na lalaki at babaye, na ibinigay sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios; sa pagkakubkob at sa kagipitan, na igigipit sa iyo ng iyong mga kaaway. **54** Ang lalaking mahabagin sa gitna mo, at totoong maramdamin, ang kaniyang mata'y magiging masama sa kaniyang kapatid, at sa asawa ng kaniyang sinapupunan, at sa labis sa kaniyang mga anak na ititira: **55** na ano pa't hindi niya ibibigay sa kanino man sa kanila ang laman ng kaniyang mga anak na kaniyang kakanin, sapagka't walang natira sa kaniya, sa pagkubkob at sa kagipitan na igigipit sa iyo ng iyong mga kaaway sa lahat ng iyong mga pintuang-daan. **56** Ang mahabagin at maramdaming babaye sa gitna mo, na hindi pa natitikmang itungtong ang talampakan ng kaniyang paa sa lupa dahil sa kahinhan at pagkamahabagin, ang kaniyang mata'y magiging masama sa asawa ng kaniyang sinapupunan, at sa kaniyang anak na lalaki, at babaye; **57** at sa kaniyang sangol na lumabas sa pag-itan ng kaniyang mga paa at sa kaniyang mga anak na kaniyang ipanganganak; sapagka't kaniyang kakanin ng lihim sila dahil sa kakulangan ng lahat ng bagay: sa pagkubkob at sa kagipitan, na igigipit sa iyo ng iyong mga kaaway sa iyong mga pintuang-daan. **58** Kungdi mo susunding gawin ang lahat ng salita ng kautusang ito na nasulat sa librong ito, upang ikaw ay matakot dito sa maluualhati at kakilakilabot na

pangalang, ANG PANGINOONG IYONG DIOS; **59** kung magkagayo'y gagawin ng PANGINOON na kamanghainangla ang salot sa iyo, at ang salot sa iyong bihi, malaking salot, at totoong malaon, at kakilakilabot na sakit, at totoong malaon. **60** At kaniyang padaratingin uli sa iyo ang lahat ng sakit sa Egipto, na iyong kinataktan at mga kakapit sa iyo. **61** Bawa't sakit din naman, at bawa't salot, na hindi na-usulat sa libro ng kautusang ito'y padaratingin nga sa iyo ng PANGINOON, hangang sa ikaw ay maibual. **62** At kayo'y malalabing kaunti sa bilang, pagkatapos na kayo'y naging gaya ng mga bituin sa langit sa karamihan; sapagka't hindi niyo dininaig ang voces ng PANGINOONG iyong Dios. **63** At mangyayari, na kung paanong ang PANGINOON ay nagagalak sa inyo na gawing kayong mabuti at pamanihin kayo; gayon magagalak ang PANGINOON sa inyo upang ipalipol kayo, at ibual kayo; at kayo'y huhugutin sa lupa na iyong pinapasok upang arin. **64** At pangangalatin ng PANGINOON ka sa lahat ng bayan, mula sa isang hangaman ng lupa hangang sa kabilang hangaman ng lupa; at doo'y maglilingkod ka sa ibang mga dios, na ikaw ay hindi nakakilala, ikaw o ang iyong mga magulang man na kahoy at bato. **65** At sa gitna ng mga nacióng ito ay hindi ka makakasampung ng kapahingahan, at mawawalan ng kapahingahan para sa talampakan ng iyong paa: kungdi bibigyan ka ng PANGINOON doon ng sikdo ng puso at pangangalumata, at paaglalambot ng kaluluha: **66** at ang iyong buhay ay mabibidi sa harap mo; at ikaw ay matatakot gabit araw, at mawawalan ka ng pag-asa sa iyong buhay. **67** Sa kinaumagaha'y iyong sasabihing; kahi manuari ay humapon na, at sa kinahapuna'y iyong sasabihing; kahi manuari ay unumaga! dahil sa takot ng iyong puso na iyong ikatatakot, at dahil sa paningin ng iyong mga mata na iyong ikakikita. **68** At pabalikin ka ng PANGINOON sa Egipto sa pamamagitan ng sasakyan, sa duan na kaniyang sinabi sa iyong: Hindi mo na uli makikita; at doo'y pabibili kayo sa inyong mga kaaway na pinaka aliping lalaki, at babaye, at walang tawong bibili sa inyo.

**29** Ito ang mga salita ng tipan na iniutos ng PANGINOON kay Moises na gawin sa mga anak ng Israel sa

lupain ng Moab, bukod sa tipang kaniyang ginawa sa kanila sa Horeb.

2 At tinawag ni Moises ang boong Israel, at sinabi sa kanilang: Inyong nakita yaong lahat na ginawa ng PANGINOON sa harap ng inyong mga mata sa lupain ng Egipto, kay Faraon, at sa lahat ng kaniyang mga alipin, at sa kaniyang boong lupain; 3 ang mga malaking tukso na nakita ng inyong mga mata, ang mga tanda, at yaong mga dakilang kababalaghan: 4 ngunit hindi kayo binigyan ng PANGINOON ng pusong ikakikilala, at ng mga matang ikakikita, at ng mga pakinig na ikaririnig, hangang sa araw na ito. 5 At aking pinatubayan kayong apat na puong taon sa ilang: ang inyong mga damit ay hindi naluma sa inyo, at ang iyong pangyapak ay hindi naluma sa iyong paa. 6 Hindi kayo kumain ng tinapay, o uminom man ng alak o inuming nakalalasing: upang inyong makilala na ako ang PANGINOONG inyong Dios. 7 At ng kayo'y dumating sa lugar na ito, si Sihong hari sa Hesbon at si Og na hari sa Basan, ay lumabas laban sa atin sa pakikipaghaka, 8 at ating sinugatan sila; at ating sinakop ang kanilang lupain at ating ibinigay na pinakamana sa mga Rubenita, at sa mga Gadita, at sa kalahati ng angkan ni Manases. 9 Ganapin nga ninyo ang mga salita ng tipang ito, at inyong mga gawin, upang kayo'y guminhawa sa lahat ng inyong ginagawa.

10 Kayo'y tumatayong lalait sa araw na ito, sa harap ng PANGINOONG inyong Dios; ang inyong mga pangulo, ang inyong mga angkan, ang inyong mga matanda, at ang inyong mga puno, lahat ng lalaki sa Israel, 11 ang inyong mga bata, ang inyong mga asawa at ang inyong taga ibang lupa na nasa gitna ng inyong mga kampamento, mula sa iyong mangangahoy hangang sa iyong mananalok: 12 upang ikaw ay pumasok sa tipan ng PANGINOONG iyong Dios, at sa kaniyang sumpa na ginagawa sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios sa araw na ito: 13 upang kaniyang itatag ka sa araw na ito na isang bayan, at upang siya'y maging iyong Dios, gaya ng kaniyang sinalita sa iyo, at gaya ng kaniyang isinumpa sa iyong mga magulang, kay Abraham, kay Isaak at kay Jakob. 14 At hindi lamang sa inyo ginagawa ko ang tipang ito at ang sumpang ito; 15 kungdi doon sa nakatayo ritong kasama natin sa araw na ito sa harap ng PANGINOONG ating Dios, at

doon naman sa hindi natin kasama sa araw na ito: 16 (sapagka't talastas ninyo kung paanong tumalan tayo sa lupain ng Egipto; at kung paanong tayo'y pumasok sa gitna ng mga nasyon na inyong dinaanan, 17 at inyong nakita ang kanilang mga kasuklamsuklam, at ang kanilang mga idolo, na kahoy at bato; pilak at ginto na nasa gitna nila:) 18 baka magkaroon sa gitna ninyo ng lalaki, o babaye, o sambahayan, o angkan, na ang puso'y humiwalay sa araw na ito, sa PANGINOONG ating Dios, na yumaong maglingkod sa mga dios ng mga nacióng yaon; baka magkaroon sa gitna ninyo ng isang ugat na nagbubunga ng apdo at ajenjo; 19 at mangyayari, pagka kaniyang narinig ang mga salita ng sumpang ito, na kaniyang basbasan ang kaniyang sarili sa kaniyang puso, na magsabing: Ako'y magkakaroon ng kapayapaan, baka man ako'y lumalakad sa katigasan ng aking puso upang ilakip ang paglalasing sa kauhawan: 20 hindi patatawarin ng PANGINOON siya, kungdi nga ang galit ng PANGINOON at ang kaniyang sikap ay mag-uusok laban sa tawong yaon, at ang lahat ng sumpa na nasusulat sa librong ito ay hihilig sa kaniya, at papawiin ng PANGINOON ang kaniyang pangalan sa ilalim ng langit. 21 At ihihihalay siya ng PANGINOON sa kasam-an sa lahat ng angkan sa Israel, ayon sa lahat ng sumpa ng tipan na nasusulat sa librong ito ng kautusan. 22 At ang mga lahing darating, ang inyong mga anak na magsisipagbangon pagkamatay ninyo, at ang taga ibang bayan na magmumula sa malayong lupain, ay sasabihin, pagka kanilang nakita ang mga salot ng lupaing yaon, at ang sakit na inilagay ng PANGINOON, na sakit; 23 at ang boong lupaing yaon ay asufre, at asin, at sunog, na hindi nahahalikan, at walang ibinubunga, o tunutubo mang damo, gaya ng nangyari sa pagkagiba ng Sodoma at Gomorra, Adma at Zeboim, na giniba ng PANGINOON sa kaniyang kagalitan at sa kaniyang maningas na pag-iinit; 24 na ano pa't lahat ng nasyon ay magsasabing: Bakit ginawang gayon ng PANGINOON sa lupaing ito? Ano ang kahulugan ng init nitong malaking kagalitan? 25 Kung magkagayo'y sasabihin ng mga tawong: Sa pagka't kanilang iniwan ang tipan ng PANGINOON, ng Dios ng kanilang mga ama, na kaniyang ginawa sa kanila ng kaniyang kunin sila sa lupain ng Egipto;

**26** at sila'y yumaon at naglingkod sa ibang mga dios, at mga sinamba nila, mga dios na hindi nila nakilala, at mga hindi niya ibinigay sa kanila: **27** kaya't ang galit ng PANGINOON ay nag-alab laban sa lupain ito, upang dalhin sa kaniya ang boong sumpa na nasusulat sa librong ito: **28** at sila'y binunot ng PANGINOON sa kanilang lupain, sa kagallitan, at sa pag-iinit at sa malaking pagkagalit, at sila'y itinulak sa ibang lupain gaya sa araw na ito. **29** Ang mga bagay na lihim ay nauukol sa PANGINOONG ating Dios: ngunit ang mga bagay na hayag ay nauukol sa atin at sa ating mga anak magpakailan man, upang ating magawa ang lahat ng salita ng kautusang ito.

**30** At mangyayari, pagka ang lahat ng mga bagay na ito ay darating sa iyo, ang pagpapala at ang sumpa na inilagay sa harap mo, at iyong mga didilidilihin sa gitna ng lahat ng nasyon na pinagtulakan sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios, **1** at magbabalik ka sa PANGINOONG iyong Dios, at iyong susundin ang kaniyang voces ayon doon sa lahat na iniutos ko sa iyo sa araw na ito, sa iyo at sa iyong mga anak, ng iyong boong puso at ng iyong boong kalulua; **2** na ibabalik nga ng PANGINOONG iyong Dios, ang iyong pagkabilag, at mahahabag sa iyo, at ibalik, at titipunin ka sa lahat ng bayang pinagkalan sa iyo ng PANGINOONG iyong Dios. **3** Kung ang bihag sa iyo, ay nasa kadulnduluhang bahagi ng langit, mula ro'y titipunin ka ng PANGINOONG iyong Dios at mula ro'y kukumin ka. **4** At dadalhin ka ng PANGINOONG iyong Dios sa lupain na iuari ng iyong mga magulang, at iyong ariin, at gagawin ka niyang mabuti at pararamihin ka niya ng ligit kay sa iyong mga magulang. **5** At tutulin ng PANGINOONG iyong Dios ang iyong puso, at ang puso ng iyong binhi, upang ibigin mo ang PANGINOONG iyong Dios ng iyong boong puso, at ng iyong boong kalulua, upang ikaw ay mabuhay. **6** At ilalagay ng PANGINOONG iyong Dios ang lahat ng sumpang ito sa iyong mga knaway at sa kanila na mga napopeot sa iyo, na humabel sa iyo. **7** At ikaw ay magbabalik at susund sa voces ng PANGINOON, at iyong gagawin ang lahat ng kaniyang utos na aking iniutos sa iyo sa araw na ito. **8** At pasasaganain ka ng PANGINOONG iyong Dios, sa lahat ng gawa ng iyong knaway, sa bunga ng iyong katawan, at sa anak ng iyong baka-

han, at sa bunga ng iyong lupa, sa ikabubuti: sapagka't pagagalakin ka uli ng PANGINOON, sa ikabubuti mo, gaya ng kaniyang iginalak sa iyong mga magulang: **9** kung iyong susundin ang voces ng PANGINOONG iyong Dios, upang ganapin mo ang kaniyang mga utos at ang kaniyang mga palatuntunan na nasusulat sa librong ito ng kautusan; kung ikaw ay babalik sa PANGINOONG iyong Dios ng iyong boong puso, at ng iyong boong kalulua.

**11** Sapagka't ang utos na ito na aking iniutos sa iyo sa araw na ito, hindi totoong mabigat sa iyo, o malayo man. **12** Wala sa langit, upang huag mong sabihing, ¿Sinong sa-sampa sa langit dahil sa atin, at magdadala sa atin, at magpaparing sa atin, upang ating magawa? **13** Wala rin naman sa dako roon ng dagat, upang huag mong sabihing, ¿Sino ang daaran sa dagat dahil sa atin, at magdadala sa atin, at magpaparing sa atin, upang ating magawa? **14** Kungdi ang salita ay totoong malapit sa iyo, sa iyong bibig, at sa iyong puso, upang iyong magawa.

**15** Tingnan mo, na inilagay ko sa harap mo sa araw na ito ang buhay at ang kabutihan, at ang kamatayan at ang kasam-an; **16** sa ganito'y iniutos ko sa iyo sa araw na ito na ibigin ang PANGINOONG iyong Dios, na lumakad sa kaniyang mga daan, at tuparin ang kaniyang mga utos, at ang kaniyang mga palatuntunan, at ang kaniyang mga kahalulan, upang ikaw ay mabuhay at dumami, at upang pagpalain ka ng PANGINOONG iyong Dios sa lupain na iyong pinapasok upang ariin. **17** Ngunit kung ang iyong puso ay haniwalay, at hindi mo didingin, kungdi maliligaw ka at sasamba sa ibang mga Dios, at naglingkod sa kanila; **18** aking pinatutunayan sa iyo sa araw na ito, na kayo'y tunay na malilipol; hindi niyo palahabain ang inyong buhay sa ibabaw ng lupain sa pagdaaran niyo ng Jordan, upang pumasok na ariin. **19** Aking tinatawag ang langit at ang lupa na pinakasaksi laban sa iyo sa araw na ito upang aking ilagay sa harap mo ang buhay at ang kamatayan, ang pagpapala at ang sumpa: kaya't piliin mo ang buhay, upang ikaw ay mabuhay, ikaw at ang iyong binhi: **20** na iyong ibigin ang PANGINOONG iyong Dios, na sundin ang kaniyang voces at lumakip sa kaniya: (sapagka't siya ang iyong buhay, at ang

kahabaan ng iyong mga araw:) upang kayo'y tumahan sa lupain na isinumpa ng PANGINOON sa iyong mga magulang, kay Abraham, kay Isaak, at kay Jakob upang ibigay sa kanila.

**31** At si Moises ay yumaon at sinalita ang mga salitang ito sa boong Israel. **2** At kaniyang sinabi sa kanilang: Ako'y may isang daan at dalawang puong taon sa araw na ito; hindi na ako makapaglalabas at pumasok; at sinabi ng PANGINOON sa aking: Huag kang daraan sa Jordang ito. **3** Daraanan ka ng PANGINOONG iyong Dios sa harap mo; kaniyang gigibain ang mga naciang ito sa harap mo, at iyong mga aarin: si Josue ay daraan sa harap mo, gaya ng sinalita ng PANGINOON. **4** At gagawin sa kanila ng PANGINOON ang gaya ng ginawa kay Sihon, at kay Og, mga hari ng mga Amorreo, at sa kanilang lupain na kaniyang mga iginiba. **5** At ibibigay sila ng PANGINOON sa harap mo, at iyong gagawin sa kanila ayon sa boong utos na aking iniutos sa iyo. **6** Kayo'y magpakalakas at magpakatampang. huag kayong matakot, o mangilabot man sa kanila; sapagka't ang PANGINOONG iyong Dios ay siyang yumayong kasama mo; hindi ka niya iiwan o pababayaang ka man niya. **7** At tinawag ni Moises si Josue at sinabi sa kaniya sa paningin ng boong Israel: Ikaw ay magpakalakas at magpakatampang: sapagka't ikaw ay yayaong kasama ng bayang ito sa lupain na isinumpa ng PANGINOON sa kanilang mga magulang upang ibigay sa kanila; at iyong ipamamana sa kanila.

**8** At ang PANGINOON, siyang nagpa-pauna sa iyo; siya'y sasa iyo, hindi ka niya iiwan, o pabayaan ka man: Ikaw ay huag matakot o manglulupaypay man.

**9** At isinulat ni Moises ang kautusang ito, at ibinigay sa mga sacerdoteng mga anak ni Levi, na siyang nagdadala ng kaban ng tipan ng PANGINOON, at sa lahat ng matanda sa Israel. **10** At iniutos sa kanila ni Moises, na sinabing: Sa katapusan ng bawat pitong taon, sa takdang panahon ng taon ng pagtubos, sa kapistahan ng mga dampa, **11** pagdating ng boong Israel upang pakita sa harap ng PANGINOONG iyong Dios, sa lugar na kaniyang pipiliin, ay iyong babasahin ang kautusang ito sa harap ng boong Israel sa kanilang pakinig. **12** Pisanin mo ang bayan, ang mga lalaki at mga babaye, at mga bata, at ang iyong taga ibang lupa, na nasa loob ng iyong mga

pintuang-daan, upang kanilang marinig, at upang kanilang pag-aralan, at matakot sa PANGINOONG iyong Dios, at sunding gawin ang lahat na mga salita ng kautusang ito; **13** at upang ang kanilang mga anak, na hindi nakakilala, ay makarinig at mag-aral na matakot sa PANGINOONG iyong Dios, habang kayo'y nabubuhay sa lupain na inyong pinaroroonan, na kayo'y dumaraan sa Jordan, upang ariin.

**14** At sinabi ng PANGINOON kay Moises: Narito, ang iyong mga araw na ikamamatay ay lumalapit: tawagin mo si Josue, at magsiharap kayo sa dampa ng kapisanan, upang aking mabigyan siya ng bilin. At si Moises at si Josue ay yumaon at humarap sa dampa ng kapisanan. **15** At ang PANGINOON ay napakita sa Dampa, sa isang haliging alapaap; at ang haliging alapaap ay tumayo sa pintuan ng Dampa. **16** At sinabi ng PANGINOON kay Moises: Narito, ikaw ay matutulog na kasama ng iyong mga magulang; at ang bayang ito'y magbabangon, at makikiapid sa ibang mga dios sa lupain, na kanilang pinaroroonan upang sumagitna nila; at ako'y iiwan at sisirain ang aking tipan na aking ginawa sa kanila. **17** Kung magkagayo'y ang aking galit ay maga-aalab laban sa kanila sa araw na yaon, at aking pababayaang sila, at aking ikukubli ang aking mukha sa kanila at sila'y lalamunin, at maraming kasam-an at kabagabagan ang darating sa kanila; na ano pa't kanilang sasabihin sa araw na yaon: Hindi ba ang mga kasam-ang ito ay dumating sa atin dahil sa ang ating Dios ay wala sa gitna natin? **18** At walang pagsalang aking ikukubli nga ang aking mukha sa araw na yaon dahil sa boong kasam-ang kanilang ginawa, sa paraang sila'y nagbalik sa ibang mga dios. **19** Ngayon nga'y sulatin ninyo sa ganang inyo ang awit na ito, at ituro mo sa mga anak ng Israel na ilagay mo sa kanilang mga bibig, upang ang awit na ito ay maging saksi sa akin laban sa mga anak ng Israel. **20** Sapagka't pagka sila'y naipasok ko na sa lupain na aking isinumpa sa kanilang mga magulang, na binubukalan ng gatas at pulot; at sila'y nakakain at nabusog at tumaba; sila nga'y babalik sa ibang mga dios, at mga paglilingkuran nila, at ako'y lalabagin nila, at sisirain ang aking tipan. **21** At mangyayari pagka ang maraming kasam-an at kabagabagan ay dumating sa kanila, na ang

awit na ito ay magpapatotoo sa harap nila na pinakasaksi; sapagka't hindi malilimutan ng bibig ng kanilang binhi: sapagka't talastas ko ang kanilang inilisp na kaniyang inaakala, ngayon itago ko sila ipasok sa lupain na isinumpa ko. 22 Kaya't isinulat ni Moises ang awit na ito ng araw ding yaon, at itinuro sa mga anak ng Israel. 23 At kaniyang ibinigay kay Josue na anak ni Nun ang isang bilin, at sinabing: Ikaw ay magpakalakas at magpakatapang: sapagka't iyong ipapasok ang mga anak ng Israel sa lupain na isinumpa ko sa kanila; at ako'y esea iyo.

24 At nangyari, ng matapos ni Moises na masulat ang mga salita ng kautusang ito sa isang libro, hangang sa natapos, 25 na nag-utos si Moises sa mga Levita, na may dala ng kaban ng tipan ng PANGINOON, na nagsabing: 26 Kunin ninyo ang librong ito ng kautusan at ilagay ninyo sa siping ng kaban ng tipan ng PANGINOON inyong Dios upang mag-ing pinakasaksi laban sa iyo. 27 Sapagka't talastas ko ang iyong panghihinag-sik, at ang iyong matigas na leeg: narito, nabubuhay pa akong kasama ninyo, sa araw na ito, kayo'y naging mapanghi-magsik na laban sa PANGINOON: at gaano pa kaya pagkamatay ko? 28 Tipunin mo ang mga matanda sa iyong mga angkan at ang inyong mga puno upang magsalita ko ang mga salitang ito sa kanilang mga pakinig, at matawag ang langit at ang lupain na pinakasaksi laban sa kanila. 29 Sapagka't talastas ko na pagkamatay ko, kayo'y mgagsisisama at magaliligaw sa daan na aking itinuro sa inyo; at ang kasam-an ay sasapit sa inyo sa mga huling araw; sapagka't inyong gagawin yuong masama sa paningin ng PANGINOON, upang ipanungkahi niya kayo sa kagalitan sa mga gawa ng inyong kamay.

30 At sinalita ni Moises sa pakinig ng boong kapisanan ng Israel ang mga salita ng awit na ito, hangang sa kanilang matapos.

**32** Makiing kayo, mga langit, at ako'y magsasalita,

At pakingan ng lupain ang mga salita ng aking bibig:

1 Ang abing aral ay papatak na parang ulan,

Ang aking salita ay tutulong parang hamog;

Gaya ng ambon sa malambot na damo, At gaya ng ulan sa gugulayin:

3 Sapagka't aking inahayag ang pangalan ng PANGINOON:  
Ipanihala ninyo ang kalakhan sa ating Dios.

4 Siya ang Barel; ang kaniyang gawa ay sakdal;

Sapagka't lahat ng kaniyang daan ay kabatulan:

Isang Dios na tapat na walang kasaman, Matuid at banal siya.

5 Sila'y nagpakasama, sila'y hindi kaniyang mga anak, siyang kanilang kapintasan;

Mga tampalasan at likong lahi.

6 Gumanti kayong payon sa PANGINOON,

O mungmang na bayan at hindi pantas?

Hindi ba siya ang iyong ama na nag-ari sa iyo?

Kaniyang nilalang ka, at itinatag ka.

7 Alalahanin mo ang mga araw ng usa, Isipin mo ang mga taon ng maraming lahi:

Itanong mo sa iyong ama at kaniyang ibabalita sa iyo;

Sa iyong mga matanda, at kanilang sasaysayin sa iyo.

8 Ng ilagay ng Kataastaasan sa mga nasyon ang kanilang mana,

Ng kaniyang ibiwalay ang mga anak ng tawo,

Kaniyang inilagay ang mga hanganan ng mga bayan

Ayon sa bilang ng mga anak ng Israel.

9 Sapagka't ang bahagi ng PANGINOON ay ang kaniyang bayan;

Ang Jakob ang kapalaran na kaniyang mana.

10 Kaniyang nasumpungan sa isang ilang na lupain,

At sa kapanlawan ng isang umuungul na ilang;

Kaniyang binabakuran sa palibot, kaniyang tintingnan,

Kaniyang iniingatang parang salamin ng kaniyang mata:

11 Gaya ng aguilang gumigising sa kaniyang pugad,

Na yumuyong sa kaniyang mga inakay,

Kaniyang ibinubuka ang kaniyang mga pakpak, kaniyang mga kinukuha,

Kaniyang mga dinadala sa ibabaw ng kaniyang mga pakpak:

12 Ang PANGINOON na mag-isa ang pumatnubay sa kaniya,

At walang ibang dios na kasama siya.



- 13 Kaniyang pinasakay sa matataas na lugar ng lupa,  
At kaniyang pinakain ng pakinabang sa bukid;  
At kaniyang pinahitit ng pulot sa burol,  
At ng langis sa batong pinkian;
- 14 Ng mantika ng baka, at gatas ng tupa,  
Na may taba ng mga cordero,  
At ng mga tupang lalaki sa Basan, at mga kambing,  
Na may taba ng mga bato ng trigo;  
At sa dugo ng uvas ay uminom ng alak.
- 15 Ngunit tumaba si Jesurun, at sumipa: Ikaw ay tumataba, ikaw ay lumalapa, ikaw ay naging mataba:  
Ng magkagayo'y kaniyang iniwan ang Dios na lumalang sa kaniya,  
At niwalang kabuluhan ang Buro! na kaniyang kaligtasan.
- 16 Siya'y kinilos nila sa paninibugho sa ibang mga dios,  
Sa pamamag-itan ng mga kasuklam-suklam, minungkahi nila siya sa kagaitan.
- 17 Kanilang inibayin sa mga demonio. na hindi naging Dios,  
Sa mga dios na hindi nila nakilala,  
Sa mga bagong dios, na sumampang may katanghalian,  
Na hindi mga kinatapatan ng inyong mga magulang.
- 18 Sa batong nanaganak sa iyo, ay nagwalang bahala ka,  
At iyong kinalimutan ang Dios na nanaganak sa iyo.
- 19 At nakita ng PANGINOON, at mga inaliipusta,  
Dahil sa pamumungkahi ng kaniyang mga anak na lalaki at babaye.
- 20 At kaniyang sinabing, Aking ikukubli ang aking mukha sa kanila,  
Aking titingnan kung magiging paano ang kanilang wakas:  
Sapagka't sila'y isang napakasamang lahi,  
Na mga anak na hindi mapagkakatiwalaan.
- 21 Kinilos nila ako sa paninibugho doon sa hindi Dios:  
Kanilang minungkahi ako sa galit ng kanilang mga kalayawan:  
At aking mga kikilusin sa paninibugho doon sa mga hindi bayan:  
Aking ipamumungkahi sila sa galit, sa pa mamag-itan ng isang mangmang na nasyon.
- 22 Sapagka't ang apoy ng aking galit ay nag-alab,  
At nagniningas sa kababababaang katalaman,  
At lalamonin ang lupa sampuo ng pakinabang sa kaniya,  
At iuupo sa apoy ang mga tungtungan ng mga bundok.
- 23 Aking dadaganan sila ng mga kasaman;  
Aking sisirain ang aking bosog sa kanila:
- 24 Sila'y mga pupugnas sa gutom, at lalamunin ng maningas na init,  
At ng mapait na pagkalipol;  
At ang mga ngipin ng mga hayop ay susuguin ko sa kanila,  
Ng lason ng umuusad na mga bagay sa alabok.
- 25 Sa labas ay pipighatiin ng tabak, At sa mga silid ay kilabot;  
Malipol kapua ang binata at dalaga,  
Ang sangol sampuo ng lalaking may uban.
- 26 Aking sinabi: Aking itataboy sila sa malayo,  
Aking ipatitigil sa mga lalaki ang alaala sa kanila;
- 27 Kungdi aking kinatatakutan ang mungkahi ng kaaway;  
Baka hindi matalastas ng kanilang mga kaalit;  
Baka kanilang sabihing: Ang ating kamay ay mataas  
At hindi ginawa ng PANGINOON ang lahat ng ito.
- 28 Sapagka't sila'y naciong salat sa payo, At walang pagkakilala sa kanila.
- 29 O kung sila'y mga pantas, na kanilang tinalastas ito,  
Kung nababatid nila ang kanilang wakas!
- 30 Kung paanong hahabulin ng isa ang isang libo,  
At ang dalawa'y magpapatakas sa sampuon libo,  
Maliban na kanilang ipagbili ang kanilang Buro!,  
At sila'y di sana ibigay ng PANGINOON?
- 31 Sapagka't ang kanilang burol ay hindi gaya ng ating Buro!,  
Maging ang ating mga kaaway man ay mga hukom.
- 32 Sapagka't ang kanilang puno ng uvas ay mga puno ng uvas sa Sodoma,  
At sa mga parang ng Gomorra:

- Ang kanilang uras ay uras ng kapaitan,  
Ang kanilang mga buig ay maasim.
- 33** Ang kanilang alak ay lason ng toga dragon,  
At mabagsik na kamaudag ng mga ahas.
- 34** Di baga ito'y natatago sa akin,  
Na natatagdaan sa aking mga kayamanan?
- 35** Ang panghihiganti ay akin, at ang ganting pala,  
Sa panahon ang kanilang mga paa ay madudulas:  
Sapagka't ang araw ng kanilang pagdadalita ay lumalapit,  
At ang mga bagay na darating sa kanila ay nangagmamadali.
- 36** Sapagka't habatulan ng PANGINOON ang kaniyang bayan.  
At magsisisi dahil sa kaniyang mga alipin;  
Pagka kaniyang nakitang ang *kanilang* kapangyarihan ay nawala,  
At wala ng *natitira* na natatakpan o naiwan.
- 37** At kaniyang sasabihing, Saan nandoon ang kanilang mga dios.  
Ang burol na kanilang inaasahan;
- 38** Yaong mga kumakain ng taba ng kanilang mga hayin.  
At iminom ng alak ng kanilang iminung hahandugin?  
Mangagbangon sila at tulungan kayo,  
At isainyo nila ang pagkukop sa inyo.
- 39** Tingnan ninyo ngayon, na ako, sa makatid baga'y ako nga,  
At walang dios sa akin:  
Ako'y punapatay, at ako'y bumuhay;  
Ako'y sumusugat, at ako'y nagpapagaling;  
At walang makaliligtas sa aking kamay.
- 40** Sapagka't aking itinataas ang aking kamay sa langit.  
At aking sinasabing: Gaya ko na nabuhulay magpakailan man,
- 41** Kung aking ihabasa ang aking makintab na tabak,  
At ang aking kamay ay bahawak ng kahalutan;  
Aking ibibigay ang aking panghihiganti sa aking mga kaaway,  
At aking mga gagantihan yaong napopoot sa akin.
- 42** At aking lalanguin ang aking pana ng dugo,  
At ang aking tabak ay lalanda ng laman;  
Sa dugo ng patay at ng mga hibag,  
Mula sa ulo ng mga pangulo ng kaaway.
- 43** Mangagalak kayo, O mga nasyon, na *kasama* ng kaniyang bayan:  
Sapagka't igaganti ang dugo ng kaniyang mga alipin,  
At magbibigay ng kagantihan sa kaniyang mga kaalit,  
At patatawarin ang kaniyang lupa, ang kaniyang bayan.
- 44** At si Moises ay naparoon at sinalita ang lahat na mga salita ng awit na ito sa mga pakinig ng bayan, siya, at si Josue na anak ni Nun. **45** At tinapos ni Moises na salitain ang lahat ng salitang ito sa boong Israel: **46** at kaniyang sinabi sa kanilang: Ilagay ninyo ang inyong puso sa lahat ng salita na aking pinatotohanan sa inyo sa araw na ito; na inyong mga luutos sa inyong mga anak upang sunding gawin ang lahat ng salita ng kautusang ito. **47** Sapagka't ito'y hindi walang kumuluhang bagay sa inyo; sapagka't inyong kabuhayan, at sa bagay na ito ay inyong pahahabain ang inyong mga araw sa lupain na inyong pinagdaraan, ang Jordan upang ariin.
- 48** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Moises ng araw ding yaon, na nagsabing:  
**49** Sumampa ka sa bundok na ito ng Abarim, sa bundok ng Nebo na nasa lupain ng Moab, na nasa tapat ng Jeriko; at narito ang lupain ng Kanaan, na aking ibinibigay sa mga anak ng Israel, na pina-kaari: **50** at mamatay ka sa bundok na iyong sinasampa, at malakip ka sa iyong bayan; gaya ni Aarong iyong kapatid na namatay sa bundok ng Hor, at malakip sa kaniyang bayan: **51** sapagka't kayo'y sumalangsang laban sa akin sa gitna ng mga anak ng Israel sa tubig ng Meriba ng Kades, sa ilang ng Zin; sapagka't hindi ninyo sinaulo sa gitna ng mga anak ng Israel. **52** Sapagka't iyong makikita ang lupain sa harap mo; ngani't deo'y hindi ka makapapasok, sa lupain na aking ibinibigay sa mga anak ng Israel.
- 33** At ito ang basbas na ibinasbas ni Moises, lalaki ng Dios, sa mga anak ng Israel bago siya namatay. **2** At kaniyang sinabing:  
Ang PANGINOON ay nangaling sa Sinai,

- At nagbangon mula sa Seir *na patungo sa kanila* ;  
 Siya'y lumiwanag mula sa bundok ng Paran,  
 At siya'y nangaling mula sa sampu-  
 kong libong mga santo :  
 Sa kaniyang kanan, ay maytaglay na  
 isang maningas na kautusan sa ka-  
 nila.
- 3 Tunay, kaniyang iniibig ang mga ba-  
 yan :  
 Lahat ng kanilang santo ay nasa iyong  
 kamay :  
 At sila'y umupo sa iyong paanan ;  
*Bana't isa'y tatanggap ng iyong mga*  
*salita.*
- 4 Si Moises ay nag-utos sa atin ng isang  
 kautusan,  
 Isang mana sa kapisanan ng Jakob.
- 5 At siya'y hari sa Jesurun,  
 Ng ang mga pangulo ng bayan ay  
 magkatipon,  
 Ang boong angkan ng Israel na mag-  
 kakasama.
- 6 Mabuhay ang Ruben, at huag mama-  
 tay ;  
 Gayon ma'y ang kaniyang mga tawo  
 ay maging kaunti.
- 7 At ito ang *basbas* sa Juda ; at kani-  
 yang sinabing :  
 Dingin mo, PANGINOON, ang voces ng  
 Juda,  
 At padatnin mo sa kaniyang bayan :  
 Sukat na sa kaniya ang kaniyang mga  
 kamay ;  
 At ikaw ay maging tulong laban sa  
 kaniyang mga kaalit.
- 8 At ang sa Levi ay nagsabing :  
 Ang iyong Tumim at ang iyong Urim  
 ay sumaiyong pinaka santo,  
 Na siyang iyong sinubok sa Masa,  
 Na siyang iyong pinakipagtalunan sa  
 tubig ng Meriba ;
- 9 Na siyang nagsabi sa kaniyang ama,  
 at sa kaniyang ina : Hindi ko siya  
 nakita ;  
 O nakilala man niya ang kaniyang  
 mga kapatid,  
 O nakilala man niya ang kaniyang  
 sariling mga anak ;  
 Sapagka't kanilang sinunod ang iyong  
 salita,  
 At ginanap ang iyong tipan.
- 10 Sila'y magtuturo sa Jakob ng iyong  
 mga kahatulan,  
 At ng iyong mga kautusan, sa Israel ;  
 Sila'y maglalagay ng kamanyan sa  
 harap mo,
- At ng boong handog na susunugin sa  
 ibabaw ng iyong altar.
- 11 Basbasan mo, PANGINOON, ang kani-  
 yang tinatankilik,  
 At tangapin mo ang gawa ng kaniyang  
 mga kamay :  
 Sugatan mo ang mga balakang niyaong  
 nagsisipagbangon laban sa kaniya,  
 At niyaong nangapopeot sa kaniya,  
 upang sila'y huag magbangon uli.
- 12 Sa Benjamin ay nagsabing :  
 Ang minamahal ng PANGINOON ay  
 tatahang ligtas sa tabi niya ;  
 Siya'y tatakpan niya boong araw,  
 At siya'y tatahan sa pag-itan ng kani-  
 yang mga balikat.
- 13 At ang sa Jose ay nagsabing,  
 Pagpalain nawa ng PANGINOON ang  
 kaniyang lupain,  
 Sa mga mahalagang bagay ng langit,  
 sa lamog,  
 At sa kalaliman na nalalagay sa ilalim  
 niya,
- 14 At sa mga mahalagang bagay ng mga  
 bunga ng araw,  
 At sa mga mahalagang bagay ng tubo  
 sa mga *pagkakatib't* iba ng buan,
- 15 At sa pinakamarikit na mga bagay ng  
 mga matandang bundukin,  
 At sa mga mahalagang bagay ng mga  
 burol na walang hangan,
- 16 At sa mga mahalagang mga bagay ng  
 lupa at ng kapunnan niya,  
 At ang kalooan niyaong tumahan sa  
 mababang punong kahoy :  
 Sumaulo ni Jose ang pagpapala,  
 At sa tuktok ng ulo niya na hiwalay  
 sa kaniyang mga kapatid.
- 17 Ang pangnanay ng kaniyang baka, na  
 may kamahalan ;  
 At ang mga sungay niya ay *parang*  
 mga sungay ng mabangis na baka.  
 Sa panamag-itan ng mga ito ay kani-  
 yang itutulak ang mga bayan na pa-  
 minsan, *hangang sa mga wakas ng*  
*lupa :*  
 At sila ang sampucong libo ng Efraim,  
 At sila ang mga libo ng Manases.
- 18 At ang sa Zabulon ay nagsabing :  
 Magalak ka, Zabulon, sa iyong pagla-  
 bas ;  
 At *ikaw*, Isakar, sa iyong mga dampo.
- 19 Kanilang tatawagin ang mga bayan sa  
 bundok ;  
 Doo'y maghahandog sila ng mga hayin  
 ng kabanalan :  
 Sapagka't kanilang hihititin ang mga  
 kasaganaan ng mga dagat,

- At ang mga natatagong kayamanan sa buhanginan.
- 20** At ang kay Gad, ay nagsabing: Pagpalain yaong magpalaki kay Gad; siya'y tumatahang parang isang leona, At hinawakan ang kamay, sampato ng boa ng ulo.
- 21** At kaniyang itinawag ang unang bahagi sa kaniya, Sapagka't doon natago ang bahagi ng gumagawa ng kautusan; At siya'y pumareong *karawa* ang mga pangulo ng bayan, Kaniyang ginawa ang kabanalan ng PANGINOON, At ang kaniyang mga kahalutlan sa Israel.
- 22** At ang sa Dan ay nagsabing: Ang Dan ay anak ng leon, Na tumuluko mula sa Basan.
- 23** At ang sa Nefali ay nagsabing: Oh Nefali, puspos ng kalcoob, At puspos ng pagpapala ng PANGINOON: Ariin mo ang kalunuran at ang timugan.
- 24** At ang sa Aser ay nagsabing: Pagpalain sa mga anak ang Aser, Mahalin siya ng kaniyang mga kapatid, At ilibag ang kaniyang paa sa laugis.
- 25** Ang iyong mga pangyapak ay magiging bakal at tanso; At ayon sa iyong mga araw ay magkakagayon ang iyong lakas.
- 26** Walang gaya ng Dios, O Jesurun, Na sumasakay sa langit dahil sa pagtulong sa iyo, At dahil sa kaniyang karangalan ay sa himpapawid.
- 27** Ang walang hangang Dios ay *iyong* lugar na tahanan, At sa ibabaw mayroon kang mga walang hangang kamay: At kaniyang itinutalak sa harap mo ang kaaway, At sinasabing: Gibain mo.
- 28** At si Israel ay tumatahang maypag-asa, Ang bakal ng Jakob ay nag-isa, Sa isang lupain ng trigo at alak; Tunay, ang kaniyang mga langit ay pumapatak ng hamog.
- 29** Maginhawa ka, O Israel: Sino ang gaya mo, bayang iniligtas ng PANGINOON,

Ng kahilag ng iyong katulong, At siyang tubak ng iyong karangalan! At ang iyong mga kaaway ay sasakop sa iyo;

At ilaw ay tutungtong sa kanilang natataas na lugar.

**34** At sumampa si Moises mula sa mga kapatagan ng Moab sa bundok ng Nebo, sa taluktok ng Piga, na nasa tapat ng Jeriko. At itinuro ng PANGINOON ang boong lupain ng Gilead hangang sa Dan; **2** at ang boong Nefali, at ang lupain ng Efraim at ng Manases, at ang boong lupain ng Juda hangang sa dakong kalunuran ng dagat; **3** at ang Timugan at ang Kapatagan ng libis ng Jeriko na ciudad ng mga puno ng palma hangang sa Zoar. **4** At sinabi ng PANGINOON sa kaniyang: Ito ang lupain na aking isinumpa kay Abraham, kay Isaac, at kay Jakob, na sinabing, aking ibibigay sa iyong binhi: aking itinutal sa iyo na makita ng iyong mga mata, nguni't hindi ka daraan doon. **5** Sa gayo'y si Moises na lingkod ng PANGINOON ay namatay doon sa lupain ng Moab ayon sa salita ng PANGINOON. **6** At kaniyang inilibing siya sa libis sa lupain ng Moab na nasa tapat ng Bet-peor; nguni't sino mang lalaki ay hindi nakaalam ng libingan niya hangang sa araw na ito. **7** At si Moises ay may isang daan at dalawang puong taong gulang ng siya'y namatay: ang kaniyang mata'y hindi lumabo, o ang kaniya mang talagang lakas ay napagod. **8** At iniyakan ng mga anak ng Israel si Moises na mga kapatagan ng Moab, na tatlong puong araw: sa gayon, natapos ang mga araw ng pagtanggap sa pagluluksa kay Moises. **9** At si Josueg anak ni Nun ay napuspos ng espiritu ng karunungan; sapagka't ipinatong ni Moises ang kaniyang mga kamay sa kaniya; at dininig ng mga anak ng Israel siya, at ginawa nila ang gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises. **10** At wala pang paghahangong profeta sa Israel na gaya ni Moises, na kilala ng PANGINOON sa mukhaan; **11** tungkol sa lahat ng mga tanda at mga kababalaghan na iniutos ng PANGINOON gawin sa lupain ng Egipto, kay Faraon, at sa lahat ng kaniyang mga alipin, at sa kaniyang boong lupain; **12** at sa boong makapang-varihang kamay at sa lahat ng malaking kakilabutan, na ginawa ni Moises sa paningin ng boong Israel.

## LIBRO NI JOSUE.

**1** Nangyari nga pagkamatay ni Moises na lingkod ng PANGINOON, na ang PANGINOON ay nagsalita kay Josue na anak ni Nun na tagapamahala ni Moises, na nagsabing: **2** Si Moises na aking lingkod ay namatay; ngayon nga'y bumangon ka, ikaw ay dumaan sa Jordang ito, ikaw, at ang boong bayang ito, hangang sa lupain na aking ibinibigay sa kanila, sa mga anak ng Israel. **3** Lahat na lugar na tuntingan ng talampakan ng inyong paa, sa inyo'y ibinigay ko, gaya ng sinalita ko kay Moises. **4** Mula sa ilang, at ang Libanong ito, hangang sa malaking ilog, na ilog Eufrates, boong lupain ng mga Heteo, at hangang sa malaking dagat sa dakong nilulubugan ng araw, magiging inyong hanganan. **5** Walang makatata-yong sino mang tawo sa harap mo sa boong araw ng iyong buhay: kung paanong ako'y sumag kay Moises, gayon ako sasa iyo: hindi kita iiwan o pababayaan man kita. **6** Ikaw ay magpakalakas at magpakatampang na mabuti: sapagka't iyong ipamamana sa bayang ito ang lupain na aking isinumpa sa kanilang mga magulang upang ibigay sa kanila. **7** Magpakalakas ka lamang at magpakatampang na mabuti na sunding gawin ang ayon sa boong kautusan na iniutos sa iyo ni Moises na aking lingkod: huag kang hihiwalay sa kanan o sa kaliwa, upang ikaw ay magtamo ng mabuting kawakasan saan ka man pumaron. **8** Ang librong ito ng kautusan ay huag mahiwalay sa iyong bibig, kungdi iyong pagbubulayan araw at gabi, upang iyong masunod gawin ang ayon sa lahat na nakasulat dito: sapagka't kung magkagayo'y iyong pagiginhawahin ang iyong lakad, at kung magkagayo'y magtatamo ka ng mabuting kawakasan. **9** Hindi ko ba iniutos sa iyo? Ikaw ay magpakalakas at magpakatampang na mabuti; huag kang matakot, o manlupaypay man: sapagka't ang PANGINOONG iyong Dios ay suma sa iyo saan ka man pumaron.

**10** Ng magkagayo'y nag-utos si Josue sa mga puno ng bayan, na nagsabing: **11** Kayo'y magdaan sa gitna ng kampo at mag-utos sa bayan, na nagsabing: Kayo'y

maghanda ng baon; sapagka't sa loob ng tatlong araw ay daraan kayo sa Jordang ito, upang yumaong ariin ang lupain, na ibinibigay sa inyo ng PANGINOONG inyong Dios upang ariin.

**12** At sa mga Rubenita, at sa mga Gadita, at sa kalahating angkan ni Manases, nagsalita si Josue, na nagsabing: **13** Inyong alalahanin ang salita na iniutos sa inyo ni Moises na lingkod ng PANGINOON, na sinabing: Binibigyan kayong kapahingahan ng PANGINOONG inyong Dios, at ibinigay sa inyo ang lupaing ito. **14** Ang inyong mga asawa, ang inyong mga bata at ang inyong mga hayop, tatahan sa lupain na ibinigay sa inyo ni Moises sa dako roon ng Jordan; ngunit kayo'y daraang may saktat sa harap ng inyong mga kapatid, kayong lahat na makapangyarihang lalaking matapang, at tutulong sa kanila; **15** hangang sa mabigyan ng kapahingahan ng PANGINOON ang inyong mga kapatid, na gaya ninyo, at kanila namang maari ang lupain na ibinibigay sa kanila ng PANGINOONG inyong Dios: kung magkagayo'y babalik kayo sa lupain na inyong ari, at inyong aariin, yaon na ibinigay sa inyo ni Moises na lingkod ng PANGINOON sa dako roon ng Jordan sa dakong sinisikatan ng araw. **16** At sila'y sumagot kay Josue, na nagsabing: Lahat ng inyong iniutos sa amin ay aming gagawin, at saan mo man kami suguin ay paroroon kami. **17** Kung paanong aming dininig si Moises sa lahat ng bagay, gayon ka naming didingin: sumaiyo lamang ang PANGINOONG iyong Dios, gaya kay Moises. **18** Sino mang manghihimagsik laban sa iyong utos, at hindi makikinig ng iyong mga salita sa lahat ng inyong iniutos sa kaniya, ipapatay siya: magpakalakas ka lamang at magpakatampang na mabuti.

**2** At si Josue na anak ni Nun ay nagsugo mula sa Sitim ng dalawang lalaki na pinakatiktik na lihim, na sinabing: Kayo'y yumaong inyong kilalanin ang lupain, at ang Jeriko. At sila'y yumaon at nasok sa isang bahay ng isang dalahira na ang pangalan ay Rahab, at tumigil doon. **3** At nasaysay sa hari sa Jeriko, na sinabing: Narito, may mga

lalaki, na nasok dito ngayong gabi sa mga anak ng Israel upang kilalanin ang lupain. **3** At ang hari sa Jeriko ay nagsag- kay Rahab, na nagsabing: Iyong ilabas ang mga lalaki na naparito sa iyo, na nasok sa iyong bahay: sapagkat sila'y naparito upang kilalanin ang boong lupain. **4** At ipinagsama ng babaye ang dalawang lalaki at mga ikimblí; at sinabi niyang: Oo, ang mga lalaki ay naparito sa akin, nguni't hindi ko tala-tas kung mga taga saan: **5** at nangyari, sa may oras ng pagsasara ng pintuang-daan, ng madilín na, na ang mga lalaki ay lumabas: hindi ko talastas kung saan ang mga lalaki naparoon: inyong habulng madali sila: sapagka't iyo silang aabutan. **6** Nguni't kaniyang isinampa sila sa pulupo, at mga ikimblí sa mga puno ng lina, na kaniyang inilagay na maayos sa pulupo. **7** At hinabol ng mga tawo sila sa daan na patungo sa Jordan hangang sa mga tawiran: at pagkalabas ng humabol sa kanila, kanilang sinarhan ang pintuang-daan. **8** At bago sila nahiga, sinampa niya sila sa pulupo: **9** at sinabi niya sa mga lalaking: Talastas ko, na ibinigay sa inyo ng PANGINOON ang lupain, at ang pangungilabot sa inyo ay lumagpak sa amin, at ang labat na mananahan sa lupain ay naupos sa harap niyo. **10** Sapagka't aming narinig kung paanong tinuyo ng PANGINOON ang tubig sa Dagat na Mapula sa harap niyo, ng kayo'y lumabas sa Egipto: at kung ano ang inyong ginawa sa dalawang hari ng mga Amorreo, na mga nasa dako roon ng Jordan, kay Sihon at kay Og, na inyong lubos na giniba. **11** At pagkarinig namin, ang aming puso ay natunaw, o may ano mang espiritu na naiwan sa kamíng mang tawo, dahil sa inyo: sapagka't ang PANGINOONG inyong Dios, siyang Dios sa langit sa itaas, at sa lupa sa ibaba. **12** Ngayon nga, isinasamo ko sa inyo, sumumpa kayo sa akin sa *paggaba ng* PANGINOON, na kung paanong ako'y nagmagandang-loob ay magmamagandang-loob manam kayo sa bahay ng aking magulang, at bibigyan niyo ako ng tunay na tanda: **13** at inyong ililigtas na buhay ang aking ama, at ang aking ina, at ang aking mga kapatid na lalaki at babaye, at ang labat nilang timaankilik, at inyong ililigtas ang aming buhay sa kamatayan. **14** At sinabi ng mga lalaki sa kaniyang: Ang aming buhay ay sa inyo, kung hindi niyo ihahayag itong aming pakay; at mangyayari pagka ibinigay sa amin ng PANGINOON

ang lupain, na kami ay magmamagandang-loob at magtatapat sa inyo. **15** Ng magkagayo'y kaniyang pinababa sila sa pamamagitan ng isang lubid sa dungawan; sapagka't ang kaniyang bahay ay nasa kuta ng bayan, at siya'y tumatalhan sa kuta. **16** At sinabi niya sa kanilang: Dumaan kayo sa bundok, baka kayo'y abutan ng humahabol sa inyo; at kayo'y magkubli roon na tatlong araw, hangang sa magbalik ang mga manghahabol: at pagkatapos ay makayayaon kayo ng inyong lakad. **17** At sinabi ng mga lalaki sa kaniyang: Kami ay magiging walang sala sa sumpang ito, na iyong ipinasumpa sa amin. **18** Narito, pagka kami ay nasok sa lupain, iyong itatali ang panaling ito na pula sa dungawan na iyong pinagpababaan sa amin: at iyong pipisanin sa iyo sa loob ng bahay ang iyong ama, at iyong ina, at ang iyong mga kapatid at ang buong sambahayan ng iyong ama. **19** At mangyayari, na sino mang lalabas sa mga pintuan ng iyong bahay sa lang-saingan, ang kaniyang dugo ay sasa kaniyang ulo at kami ay magiging walang sala: at sino mang kasama mo sa bahay, ang kaniyang dugo ay sasa aming ulo, kung ang sino mang kamay ay dumaluheng sa kaniya. **20** Nguni't kung iyong ihayag itong aming pakay, mawawalan nga kami ng sala sa sumpa sa inyo, na iyong ipinasumpa sa amin. **21** At kaniyang sinabing: Ayon sa iyong mga salita, magkagayon. At kaniyang pinapagpaalam sila, at sila'y yumaon: at kaniyang itinali ang panaling pula sa dungawan. **22** At sila'y yumaon at naparoon sa bundok, at tumahan doon na tatlong araw, hangang sa nagbalik ang mga manghahabol: at hinanap sila ng mga manghahabol sa labat ng daan, nguni't hindi sila nasumpungan. **23** Ng magkagayo'y nagbalik ang dalawang lalaki at bumaba sa bundok, at tumawid at naparoon kay Josue na anak ni Nun; at kanilang isinaysay sa kaniya ang labat na nangyari sa kanila. **24** At kanilang sinabi kay Josue: Tunay na ibinigay ng PANGINOON sa ating mga kamay ang boong lupain; at bukod dito'y nanliliit ang labat na mananahan sa lupain sa harap natin.

**3** At bumangong maaga si Josue sa kinanmaganan, at sila'y bumunot sa Sitim at naparoon sa Jordan, siya at ang labat na anak ng Israel; at sila'y tumigil doon bago sila tumawid. **2** At nangyari pagkatapos ng tatlong araw, na ang mga

puno ay napasa gitna ng kampo; **3** at sila'y nag-utos sa bayan, na nagsabing: Pagka inyong nakita ang kaban ng tipan ng PANGINOONG inyong Dios, at dinadala ng mga sacerdote na Levita, kayo nga'y kikilos sa inyong lugar at susunod doon. **4** Gayon ma'y maghulagay kayo ng pag-itan sa inyo at sa kaban na may dalawang libong siko ang sukat: huag ninyong lapitan, upang inyong malaman ang daan na inyong marapat na parunan: sapagka't hindi pa ninyo nararaan ang daang ito ng una. **5** At sinabi ni Josue sa bayan: Kayo'y magpakasanto: sapagka't bukas ay gagawa ng mga kababalaghan ang PANGINOON sa inyo. **6** At nagsalita si Josue sa mga sacerdote, na nagsabing: Inyong buhatin ang kaban ng tipan at inyong ipagpauna sa bayan. At kanilang binuhat ang kaban ng tipan, at nagpauna sa bayan. **7** At sinabi ng PANGINOON kay Josue: Sa araw na ito ay pasisimulan kong palakihin kita sa paningin ng boong Israel, upang kanilang makilala, na kung paanong ako'y sumag kay Moises, gayon ako sasa iyo. **8** At iyong utusan ang mga sacerdote na nagdadala ng kaban ng tipan, na iyong sasabihing: Pagka kayo'y dumating sa tabi ng tubig ng Jordan, kayo'y tatayong nakatigil sa Jordan.

**9** At sinabi ni Josue sa mga anak ng Israel: Kayo'y parito at inyong dingin ang mga salita ng PANGINOONG inyong Dios. **10** At sinabi ni Josue: Sa ganito ay inyong makikilala, na ang buhay na Dios ay nasa gitna ninyo, at walang pag-salang kaniyang itataboy sa harap ninyo ang Kananeo, at ang Heteo, at ang Heveo, at ang Perceo, at ang Gergeseo, at ang Amorreo, at ang Jebuseo. **11** Narito, ang kaban ng tipan ng Panginoon sa boong lupa ay nagpauna sa inyo sa Jordan. **12** Ngayon nga ay kumuha kayo ng labing dalawang lalaki sa mga angkan ng Israel, sa bawat angkan ay isang lalaki. **13** At mangyayari, pagka ang mga talampakan ng mga paa ng mga sacerdote na nagdadala ng kaban ng PANGINOON, ng Panginoon ng boong lupa, magpapahinga sa mga tubig ng Jordan, na ang mga tubig ng Jordan ay magkahiwalay, ang mga tubig na bumababa mula sa itaas; at mga tatayo sa isang buntan. **14** At nangyari ng ang bayan ay bumago mula sa kanilang mga dampa, upang tumawid ng Jordan ang mga sacerdote na nagdadala ng kaban ng tipan ay nasa unahan ng bayan; **15** at

ng ang mga may dala ng kaban ay dumating sa Jordan, at ang mga paa ng mga sacerdote na nagdadala ng kaban ay mabasa sa tabi ng tubig, (sapagka't binabahaan ng Jordan ang lahat niyang baybayin sa boong panahon ng pag-aani,) **16** na ang mga tubig na bumababa mula sa itaas ay tumigil, at nag-isang buntan na malayo sa kanila, sa Adam, na ciudad na nasa tabi ng Zarelan: at yaong mga bumaba sa dagat ng Araba, na Dagat na Alat ay lubos na nahiiwalay: at ang bayan ay tumawid sa tapat ng Jeriko. **17** At ang mga sacerdote na nagdadala ng kaban ng tipan ng PANGINOON ay tumayong panatag sa tuyong lupa sa gitna ng Jordan, at ang boong Israel ay dumaan sa tuyong lupa, hangang sa ang boong nasyon ay makaraang malinis sa Jordan.

**4** At nangyari ng ang boong nasyon ay makaraang malinis sa Jordan, na ang PANGINOON ay nagsalita kay Josue, na nagsabing: **2** Kumuha ka ng labing dalawang lalaki sa bayan, sa bawat angkan ay isa, **3** at iutos ninyo sa kanila, na sabihing: Kumuha kayo mula rito sa gitna ng Jordan, mula sa lugar na tinayuang matatag ng mga paa ng mga sacerdote ng labing dalawang bato, at inyong mga dalhin, at inyong mga ilapag sa tigilang lugar, na inyong titigilan sa gabing-ito. **4** Ng magkagayo'y tinawag ni Josue ang labing dalawang lalaki, na kaniyang inihanda sa mga anak ng Israel, na mula sa bawat angkan ay isang lalaki: **5** at sinabi ni Josue sa kanilang: Kayo'y dumaan sa harap ng kaban ng PANGINOONG inyong Dios sa gitna ng Jordan, at pasanin ng bawat isa sa inyo ang isang bato sa kaniyang balik, ayon sa bilang ng mga angkan ng mga anak ng Israel: **6** upang ito'y maging pinakatanda sa gitna ninyo, na pagka itinanong ng inyong mga anak sa panahong darating, na sasabihing: Anong kahulugan sa inyo ng mga batong ito? **7** Inyo ngang sasabihin sa kanilang: sapagka't ang mga tubig ng Jordan ay nahiiwalay sa harap ng kaban ng tipan ng PANGINOON; ng magdaan yaon sa Jordan, ang mga tubig sa Jordan ay nagkahiwalay: at ang mga batong ito ay magiging pinakaalaala sa mga anak ng Israel magpakailan man. **8** At ginawang gayon ng mga anak ng Israel gaya ng inutos ni Josue, at pumasan ng labing dalawang bato mula sa gitna ng Jordan, gaya ng sinalita ng PANGINOON kay Josue, ayon sa bilang ng mga angkan ng mga

anak ng Israel; at kanilang mga dinala sa lugar na kanilang tinigilan, at mga inilapag doon. **9** At si Josue ay nagpalagay ng labing dalawang bato sa gitna ng Jordan, sa lugar na tinayuan ng mga sacerdote na nagdadala ng kaban ng tipan: at nangandoon, hangang sa araw na ito. **10** Sapagka't ang mga sacerdote na nagdadala ng kaban ay tumayo sa gitna ng Jordan, hangang sa natapos ang lahat na bagay na inutos ng PANGINOON kay Josue na salitain sa bayan, ayon sa boong inutos ni Moises kay Josue: at ang bayan ay nagmadali at tumawid. **11** At nangyari, ng ang boong bayan ay makaraang malinis, na ang kaban ng PANGINOON ay tumawid at ang mga sacerdote sa harap ng bayan. **12** At ang mga anak ni Ruben, at ang mga anak ni Gad, at ang kalahating angkan ng Manases, dumaang may sabbat sa harap ng mga anak ng Israel, gaya ng sinalita ni Moises sa kanila: **13** may apat na puong libo na nasasakbatang handa sa pakikipagbaka ang dumaan sa harap ng PANGINOON na patungo sa pakikipagbaka, sa mga kapatagan ng Jeriko. **14** Ng araw na yaon ay pinalagi ng PANGINOON si Josue sa pangingin ng boong Israel; at sila'y natakot sa kaniya, gaya ng kanilang pagkatakot kay Moises, sa boong araw ng kaniyang buhay.

**15** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Josue, na nagsabing: **16** Iutos mo sa mga sacerdote na nagdadala ng kaban ng patotoe, na sila'y sumampa mula sa Jordan. **17** Nag-utos nga si Josue sa mga sacerdote, na nagsabing: Sumampa kayo mula sa Jordan. **18** At nangyari, ng ang mga sacerdote na nagdadala ng kaban ng tipan ng PANGINOON ay sumampa mula sa gitna ng Jordan, at ang mga talampakan ng mga pan ng mga sacerdote ay mataas sa tuyong lupa, na ang mga tubig ng Jordan ay nanauli sa kanilang lugar, at umapaw sa pangpang, gaya ng una. **19** At ang bayan ay sumampa mula sa Jordan sa ikasampung araw ng unang buan, at tumayo sa Gilgal, sa silanganang hangganan ng Jeriko. **20** At yaong labing dalawang bato, na kanilang kinuha sa Jordan, inilagay ni Josue sa Gilgal. **21** At siya'y nagsalita sa mga anak ng Israel, na nagsabing: pagka itaranong ng inyong mga anak sa kanilang mga magulang sa panahong darating, na sasabihing: Anong kahulugan ng mga batang ito? **22** kung magkagayo'y inyong ipakikilala sa kanila,

na sasabihing: Ang Israel ay dumaan sa Jordang ito sa tuyong lupa. **23** Sapagka't tinuyo ng PANGINOON inyong Dios ang tubig ng Jordan sa harap niyo, hangang sa kayo'y nakaraan, gaya ng ginawa ng PANGINOON inyong Dios sa Dagat na Mapula, na kaniyang tinuyo sa harap namin, hangang sa kami ay nakaraan: **24** upang makilala ng lahat na bayan sa lupa ang kamay ng PANGINOON, na makapangyarihan, upang sila'y matukot sa PANGINOON inyong Dios magpakailan man.

**5** At nangyari, ng marinig ng lahat ng hari ng mga Amorreo na usa dako roon ng Jordan sa dakeng kalumuran, at ng lahat ng hari ng mga Kananeo, na nangasa tabi ng dagat, kung paanong tinuyo ng PANGINOON ang mga tubig ng Jordan mula sa harap ng mga anak ng Israel, hangang sa kami ay magakaraan, na ang kanilang puso ay natunaw, o nagkaroon pa man ng espiritu sa kanila, dahil sa mga anak ng Israel.

**2** Ng panahong yaon ay sinabi ng PANGINOON kay Josue: Gumawa ka ng mga sundang na pinkiang bato at tulin mo uli ang mga anak ng Israel na ikalawa. **3** At gumawa si Josue ng sundang na pinkiang bato, at tinuli ang mga anak ng Israel sa burol ng mga busisi. **4** At ito ang bagay na itinuli ni Josue: ang boong bayan na lumabas mula sa Egipto, na mga lalaki, lahat ng lalaking pangbaka, namatay sa ilang, sa daan, pagkatapos na sila'y makalabas na mula sa Egipto. **5** Sapagka't ang boong bayan na lumabas ay mga tuli: ngunit ang boong bayan ay ipinanganak sa ilang sa daan pagkalabas sa Egipto, mga hindi tuli. **6** Sapagka't ang mga anak ng Israel ay lumakad na apat ng puong taon sa ilang, hangang sa ang boong nasyon, sa makatuid baga'y ang mga lalaking pangbaka na lumabas mula sa Egipto, ay nalipol, sapagka't hindi nila dininig ang voces ng PANGINOON: na siyang sinumpaon ng PANGINOON na hindi niya ipakikita sa kanila ang lupain na isinumpa ng PANGINOON sa kanilang mga magulang na ibibigay sa atin, na lupain na binubukalan ng gatas at pulot. **7** At ang kaniyang mga anak na kaniyang ibinangong kahalili nila, siyang mga tinuli ni Josue, sapagka't mga hindi tuli, sapagka't hindi nila tinuli sila sa daan. **8** At nangyari, ng kaniyang matuli ang boong nasyon, na sila'y tumahan sa kaniang mga lugar sa



kampamento, hangang sa gumaling. 9 At sinabi ng PANGINOON kay Josue: Sa araw na ito ay iginulong ko mula sa inyo ang kadustaan ng Egipto. Kaya't ang pangalan ng lugar na yaon ay tinawag na Gilgal hangang sa araw na ito.

10 At ang mga anak ng Israel ay nagpahinga sa Gilgal; at kanilang ipinagdiwang ang paskua sa ikalabing apat na araw ng buan sa kinahapunan sa mga kapatagan ng Jeriko. 11 At sila'y kumain ng imbak na trigo ng lupain sa kinabukasan pagkatapos ng paskua, ng mga mamon na walang levadura, at sinangag na butil, sa araw ding yaon. 12 At ang mana ay naglikat ng kinabukasan, pagkatapos na sila'y makakain ng imbak na trigo ng lupain; at hindi na naman nagkaroon pa ng mana ang mga anak ng Israel; kungdi sila'y kumain ng bunga ng lupain ng Kanaan ng taong yaon.

13 At nangyari, ng si Josue ay malapit sa Jeriko, na kaniyang idinilat ang kaniyang mga mata at tumingin, at, narito, tumayo ang isang lalaki sa tapat niya na may kaniyang tabak sa kaniyang kamay na bunot: at si Josue ay napanoron sa kaniya, at nagsabi sa kaniyang: ¿Ikaw ba'y sa amin, o sa aming mga kaaway? 14 At kaniyang sinabing: Hindi; kungdi ako'y napanoro ngayong kapitan ng hukbo ng PANGINOON. At si Josue ay sumubasob sa lupa at sumamba, at nagsabi sa kaniyang: ¿Anong sabi ng aking panginoon sa kaniyang alipin? 15 At sinabi ng kapitan ng hukbo ng PANGINOON: Hubarin mo ang iyong panyapak sa iyong paa: sapagka't ang lugar na iyong kinatatayuan ay santo, at ginawang gayon ni Josue.

6 (Ang Jeriko nga ay lubos na nakukulong dahil sa mga anak ng Israel: walang nakalalabas, at walang nakapapasok). 2 At sinabi ng PANGINOON kay Josue: Tingnan mo, aking ibinigay sa iyong kamay ang Jeriko, at ang hari noon, at ang mga makapangyarihang lalaking matapang. 3 At inyong liligirin ang ciudad niyong lahat na lalaking pangbaka, na yumaong lumibot ng ciudad na minsan. Ganito mo gagawin na anim na araw. 4 At pitong sacerdote ay magdadala ng pitong pakakak na mga sungay ng tupa sa harap ng kaban: at sa ikapitong araw ay inyong liligirin ang ciudad na makapito, at ang mga sacerdote ay hihihip ng mga pakakak. 5 At mangyari, pagka sila'y humihip na mahaba

ng sungay ng tupa, at pagka inyong narinig ang tunog ng pakakak, boong bayan ay susutsot ng malakas na sutso; at ang kuta ng ciudad ay mababagsak na piraso, at sasampa na matuid baw't isa sa harap niya. 6 At tinawag ni Josue na anak ni Nun ang mga sacerdote, at nagsabi sa kanilang: Inyong buhatin ang kaban ng tipan, at magdala ang pitong sacerdote ng pitong pakakak na mga sungay ng mga tupa sa harap ng kaban ng PANGINOON. 7 At kanilang sinabi sa bayan: Kayo'y magpauna, at inyong ligirin ang ciudad, at inyong papagpau-nahin ang mga lalaking may sakbat sa unahan ng kaban ng PANGINOON. 8 At nangyari, na pagkapagsalita ni Josue sa bayan, ang pitong sacerdote na may tangang pitong pakakak na mga sungay ng mga tupa sa harap ng PANGINOON ay nagpauna, at humihip ng mga pakakak: at ang kaban ng tipan ng PANGINOON ay sumusunod sa kanila. 9 At ang mga nasasakbatang lalaki ay nagpauna sa mga sacerdote na humihihip ng mga pakakak, at ang bantay-likod ay sumusunod sa kaban, ang mga sacerdote ay humihihip ng mga pakakak habang sila'y yumayaon. 10 At iniutos ni Josue sa bayan, na sinabing: Kayo'y huag susutsot, o iparirinig man ninyo ang inyong voces o magbubuka man ang inyong bibig ng ano mang salita, hangang sa araw na aking sabihing kayo'y sumutsot; kung magkagayo'y susutsot kayo. 11 Sa gayo'y kaniyang iniligid ang kaban ng PANGINOON sa ciudad, na lumigid na minsan: at sila'y nasok sa kampamento, at tumigil sa kampamento.

12 At si Josue ay bumangong maaga sa kinaumagahan, at binuhat ng mga sacerdote ang kaban ng PANGINOON. 13 At ang pitong sacerdote na may tangang pitong pakakak na mga sungay ng tupa sa harap ng kaban ng PANGINOON ay nagpatuloy na palagi, at humihihip ng mga pakakak: at ang mga nasasakbatang lalaki ay nagpauna sa kanila; at ang bantay-likod ay sumusunod sa kaban ng PANGINOON, ang mga sacerdote ay humihihip ng mga pakakak habang sila'y yumayaon. 14 At ng ikalawang araw ay kanilang niligid ang ciudad na minsan, at nagbalik sa kampamento: kanilang ginawang gayon na anim na araw. 15 At nangyari, sa ikapitong araw, na sila'y bumangong maaga sa pagbubukang liwayway, at niligid ang ciudad ng gayon ding paraan na makapito: ng araw la-

mang na yaon kanilang niligid ang ciudad na makapito. **16** At nangyari, sa ikapito, ng ang mga sacerdote ay humihip ng mga pakakak, sinabi ni Josue sa bayang: Kayo'y sumutsot; sapagka't ibinigay ng PANGINOON sa buo ang ciudad. **17** At ang ciudad ay matatalaga, yaon at ang lahat na tumatahan doon sa PANGINOON: si Rahab na dalahira lamang ang mabubuhay, siya at ang lahat na kasama niya sa bahay, sapagka't kaniyang ikinubli ang mga sugo na ating sinugo. **18** At kayo, sa ano mang paraan ay magsipagingat sa itinalagang bagay; baka pagka inyong matalaga, kayo'y kumuha sa itinalagang bagay; sa gayo'y inyong ipasusumpa ang kampaento ng Israel, at inyong babagabagin. **19** Ngunit ang lahat na pilak, at ginto, at mga sisidlang tanso at bakal, ay santo sa PANGINOON: mga ipapasok sa silid ng kayamanan ng PANGINOON. **20** Sa gayo'y ang bayan ay sumutsot, at ang mga sacerdote ay humihip ng mga pakakak: at nangyari ng marinig ng bayan ang tunog ng pakakak, na ang bayan ay sumutsot ng malakas na utsot, at ang kuta ay nabagsak na piraso, na ano pa't ang bayan ay sumampang nasok sa ciudad, bawa't isa'y matuid na nagpatuloy, at kanilang sinakop ang ciudad. **21** At kanilang lubos na nilipol ang lahat na nasa ciudad, ang lalaki at gayon din ang babaye, ang binata at gayon din ang matanda, at ang baka, at ang tupa, at ang asno, ng talim ng tabak. **22** At sinabi ni Josue sa dalawang lalaki na tumiktik sa lupain: Kayo'y masuk sa bahay ng dalahira, at inyong kunin doon ang babaye, at ang lahat niyang kinakandili, gaya ng inyong isinumpa sa kaniya. **23** At ang mga binata na mga tiktik ay masuk, at inilabas si Rahab, at ang kaniyang ama, at ang kaniyang ina, at ang kaniyang mga kapatid, at lahat ng kaniyang kinakandili pati ng lahat niyang kamag-anakan ay kanilang inilabas; at kanilang inilagay sila sa labas ng kampaemento ng Israel. **24** At kanilang sinunog ang ciudad ng apoy, at lahat na nandoon: ang pilak lamang, at ang ginto, at ang mga sisidlang tanso at bakal, kanilang ipinasok sa silid ng kayamanan ng babay ng PANGINOON. **25** Ngunit si Rahab na dalahira at ang mga kasambahay ng kaniyang ama, at ang lahat niyang kinakandili, iniligtas na buhay ni Josue; at siya'y tumahan sa gitna ng Israel, hangang sa araw na ito; sapagka't kaniyang

ikinubli ang mga sugo na sinugo ni Josue upang tumiktik sa Jeriko. **26** At binilinan sila ni Josue sa pamamagitan ng sumpa ng panahong yaon, na sinabing: Sampa ang lalaki sa harap ng PANGINOON, na magbangon at magtayo nitong ciudad ng Jeriko: at sa pagkamatay ng kaniyang panganay ay kaniyang ilalagay ang ciento noon at sa pagkamatay ng kaniyang sangol ay kaniyang itatayo ang mga pintuang-daan noon. **27** Sa gayo'y ang PANGINOON ay sumakay Josue; at ang kaniyang kabantugan ay lumaganap sa boong lupain.

**7** Ngunit ang mga anak ng Israel ay nagkamit ng pagsalangsang sa itinalagang bagay: sapagka't si Akan na anak ni Karni, na anak ni Zabdi, na anak ni Zera, sa angkan ng Juda, kumuha sa itinalagang bagay: at ang galit ng PANGINOON ay nagingas laban sa mga anak ng Israel.

**2** At si Josue ay nagsugo ng mga lalaki sa Ai mula sa Jeriko na nasa siping ng Beth-aven, sa dakong silanganan ng Bet-el, at nagsalita sa kanila, na nagsabing: Kayo'y sumampa at inyong tiktikan ang lupain. At ang mga lalaki ay yumaon at tiniktikan ang Ai. **3** At sila'y nagbalik kay Josue, at nagsabi sa kaniyang: Huag sumampa ang boong bayan, kungdi sumampa ang dalawa o tatlong libo na lalaki at sugatan ang Ai, huag mong pagurin ang bayan doon; sapagka't sila'y kakaonti lamang. **4** Sa gayo'y sumampa doon sa bayan ay may tatlong libo na lalaki: at sila'y tumakas sa harap ng mga lalaki sa Ai. **5** At ang mga lalaki sa Ai ay sunugat sa kanila ng may tatlong puot anim na lalaki: at hinabol nila sila mula sa harap ng pintuang-daan hangang sa Sebarim, at sinugatan sila sa babaan: at ang mga puso ng bayan ay natunaw; at naging parang tubig. **6** At hinapak ni Josue ang kaniyang suot, at sumubasob sa lupa sa harap ng kaban ng PANGINOON hangang sa kinahapunan, siya at ang mga matanda ng Israel; at sila'y nagsipagbuhos ng alabok sa kanilang mga ulo. **7** At sinabi ni Josue: Ay, Oh Panginoong Dios; bakit iyong pinaraan ang bayang ito sa Jordan, upang ibigay kami sa kamay ng mga Amorreo, upang ipalipol kami? tumigil sana kaming tua at tumahan sa dakong yaon ng Jordan! **8** Oh Panginoon, anong aking sasabihin pagkatapos na ang mga anak ng Israel ay makatalikod sa harap ng kanilang

mga kaaway! 9 Sapagka't maririnig ng mga Kananeo at ng lahat na mananahan sa lupain, at kami ay kukulungin at ihihwalay ang aming pangalan sa lupa: ¿at ano ang iyong gagawin dahil sa iyong dakilang pangalan? 10 At sinabi ng PANGINOON kay Josue: Ikaw ay magbangon; ¿bakit ikaw ay sumusubasob na ganito? 11 Ang Israel ay nagkasala; oo, kanilang sinalangang din ang tipan na aking inutos sa kanila: oo sila'y kumuha rin sa tinalagang bagay; at nagnakaw rin, at nagbulaan din, at sila'y naglagay rin sa kanilang sariling daladalan. 12 Kaya't ang mga anak ng Israel ay hindi makatatayo sa harap ng kanilang mga kaaway, sila'y tumalikod sa harap ng kanilang mga kaaway, sapagka't sila'y naging sinumpa: ako'y hindi na sasa inyo pa, maliban na inyong gibain ang itinalaga na bagay sa gitna ninyo. 13 Ikaw ay bumangon, papagantohin mo ang bayan, at iyong sabihing: Kayo'y mangagpakasanto sa kinabukasan: sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel: May itinalagang bagay sa gitna mo, Oh Israel: ikaw ay hindi makatatayo sa harap ng iyong mga kaaway, hangang sa inyong alisin ang itinalagang bagay sa gitna ninyo. 14 Sa kinaumagahan nga ay lalapit kayo ayon sa inyong mga angkan: at mangyayari, na ang angkan na kukunin ng PANGINOON ay lalapit ayon sa kamag-anakan: at ang kamag-anakan na kukunin ng PANGINOON ay lalapit ayon sa mga sambahayan: at ang sambahayan na kukunin ng PANGINOON ay lalapit na tawo't tawo. 15 At mangyayari, na ang nakuha na may itinalagang bagay ay susunugin ng apoy, siya at ang lahat niyang tinatankilik: sapagka't kaniyang sinalangang ang tipan ng PANGINOON, at sapagka't siya'y gumawang may kamangmangan sa Israel.

16 Sa gayo'y bumangong maaga si Josue sa kinaumagahan, at inilapit ang Israel ayon sa kanilang mga angkan: at ang angkan ng Juda ay nakuha: 17 at kaniyang inilapit ang kamag-anakan ng Juda; at kinuha ang kamag-anakan ng mga Zereo: at kaniyang inilapit ang sambahayan ng mga Zereo na tawo't tawo; at si Zabdi ay nakuha: 18 at kaniyang inilapit ang kaniyang samkabayan na tawo't tawo; at si Akan, na anak ni Karmi, na anak ni Zabdi, na anak ni Zera, sa angkan ng Juda, ay nakuha. 19 At sinabi ni Josue kay Akan: Anak

ko, isinasamo ko sa iyo, na iyong lualhatiin ang PANGINOON, ang Dios ng Israel, at magsaysay ka sa kaniya; at saysayin mo sa akin ngayon kung ano ang iyong ginawa; huag kang maglihim sa akin. 20 At sumagot si Akan kay Josue, at nagsabing: Sa katotohanan ay nagkasala ako laban sa PANGINOON, sa Dios ng Israel, at ganito't ganito ang aking ginawa: 21 ng aking makita sa samsam ang mainam na balabal Babilonia, at ang dalawang daang siklong pilak, at ang isang sikang na ginto, na limang puong siklo ang timbang, akin ngang inimbot, at aking mga kinuha; at narito, mga nakukubli sa pagitan ng aking dampa, at ang pilak ay nasa ilalim noon. 22 Sa gayo'y nagsugo si Josue ng mga sugo at mga tumakbo na patungo sa dampa; at narito, nakakubli sa kaniyang dampa, at ang pilak ay nasa ilalim noon. 23 At kanilang mga kinuha sa gitna ng dampa, at mga dinala kay Josue, at sa lahat ng anak ng Israel: at kanilang mga inilapag sa harap ng PANGINOON. 24 At kinuha ni Josue, at ng boong Israel na kasama niya, si Akan na anak ni Zera at ang pilak, at ang balabal, at ang sikang na ginto, at ang kaniyang mga anak na lalaki at babaye, at ang kaniyang mga baka, at ang kaniyang mga asno, at ang kaniyang mga tupa, at ang kaniyang dampa, at ang lahat niyang tinatankilik: at kanilang mga isinampa sa libis ng Akor. 25 At si Josue ay nagsabing: ¿Bakit mo kami binagabag? babagabagin ka sa araw na ito ng PANGINOON. At binato siya ng mga bato ng boong Israel; at sinunog nila siya ng apoy, at binato sila ng mga bato. 26 At kanilang binuntunan siya ng malaking buntan na mga bato, hangang sa araw na ito; at ang PANGINOON ay nagpigil ng kabanigan ng kaniyang galit. Kaya't ang pangalan ng lugar na yaon ay tinawag na: Ang libis ni Akor hangang sa arawa na ito.

8 At sinabi ng PANGINOON kay Josue: Huag kang matakot, o manlupaypay ka man: ipagsama mo ang iyong bayang pangbaka, at ikaw ay bumangon, sumampa ka sa Ai: tingnan mo, aking ibibigay sa iyong kamay ang hari sa Ai, at ang kaniyang bayan, at ang kaniyang ciudad, at ang kaniyang lupain: 2 at iyong gagawin sa Ai at sa kaniyang hari ang gaya ng iyong ginawa sa Jeriko at sa kaniyang hari: ang samsam lamang doon, at ang mga hayop noon, ang iyong kuku-

nin na pinakahuli niyo: bumakay ka sa ciudad sa likuran noon. **3** Sa gayo'y bumangon si Josue, at ang boong bayang bumabaka, upang sumaniya sa Ai: at pumili si Josue ng tatlong puong libong lalaki, na mga makapangyarihang lalaking matapang, at mga siyago ng kinagabihan. **4** At iniutos niya sa kanila, na sinabing: Narito, kayo'y babakay laban sa ciudad, sa likuran ng ciudad: hung kayong lumayong tayo sa ciudad kungdi kayo'y humanda: **5** at ako, at ang boong bayan na kasama ko ay lapit sa ciudad, at mangyayari, pagka sila'y lumabas laban sa amin gaya ng una, kanil ay tatakas sa harap nila; **6** at sila'y lalabas na susunod sa amin, hangang sa aming mailayo sila sa ciudad, sapagka't kanilang sasabihing: Sila'y tumatakas sa harap natin, gaya ng una; gayon kami tatakas sa harap nila: **7** at kayo'y balangon sa pagbakay, at inyong aariin ang ciudad: sapagka't ibibigay ng PANGINOONG inyong Dios sa inyong kamay. **8** At mangyayari, pagka inyong nasakop ang ciudad, na inyong sisilaban ang ciudad ng apoy; ayon sa salita ng PANGINOON ay inyong gagawin: inyong tingnan aking iniutos sa inyo. **9** At pinagpaalam sila ni Josue: at sila'y yumaon sa pagbakay, at lumagay sa pag-itan ng Bet-el at ng Ai, sa dakong kalunuran ng Ai: ngunit si Josue ay tumigil ng gabing yaon sa gitna ng bayan.

**10** At si Josue ay bumangong maaga sa kinaumagahan, at binilang ang bayan, at sumampa siya at ang mga matanda ng Israel, sa harap ng bayan na napasa Ai. **11** At ang boong bayan, ang pangbaka na kasama niya, sumampa, at lumapit, at naparoon sa harap ng ciudad, at tumayo sa dakong hilagaan ng Ai: mairoon ngang isang libis sa pag-itan niya at ng Ai. **12** At sila'y kumuha ng may limang libong lalaki at mga inilagay niya sa pagbakay sa pag-itan ng Bet-el at ng Ai sa dakong kalunuran ng ciudad. **13** Gayon inilagay nila ang bayan, ang boong hukbo na nasa hilagaan ng ciudad, at ang kanilang mga mantabakay na nasa kalunuran ng ciudad; at si Josue ay sumulong ng gabing yaon sa gitna ng libis. **14** At nangyari, ng makita ng hari sa Ai, na sila'y nagmadali at bumangong maaga, at ang mga lalaki sa ciudad ay lumabas laban sa Israel upang makipagbaka, siya at ang kaniyang boong bayan, sa kapanahunang takda sa harap ng Ara-

ba; ngunit hindi niya talastas na may bakay laban sa kaniya sa likuran ng ciudad. **15** At ginawa ni Josue at ng boong Israel na parang sila'y nadaig sa harap nila, at tumakas sa daan na ilang. **16** At ang boong bayan na nasa ciudad ay tinawag na magkakasama upang humabol sa kanila: at kanilang humabol si Josue, at nangalayo sa ciudad. **17** At walang lalaki na naiwan sa Ai o sa Bet-el, na hindi humabol sa Israel: at kanilang iniwang bukas ang ciudad, at humabol ang Israel. **18** At sinabi ng PANGINOON kay Josue: Imat mo ang sibat na nasa iyong kamay sa dakong Ai; sapagka't aking ibibigay sa iyong kamay. At inunat ni Josue ang sibat na nasa kaniyang kamay sa dakong ciudad. **19** At ang bakay ay bumangong maliksi sa kanilang lugar, at sila'y tumakbo pagkannat niya ng kaniyang kamay, at nasok sa ciudad at sinakop; at sila'y nagmadali at sinilaban ang ciudad. **20** At ng ang mga lalaki sa Ai ay lumigon sa likuran nila, kanilang nakita, at narito ang usok ng ciudad ay napaillanglang sa langit, at wala silang kapangyarihan na makatakas sa daang ito o sa daang yaon: at ang bayan na tumakas sa ilang ay tumalikod sa mga manghahabol. **21** At ng makita ni Josue at ng boong Israel na nasakop ng bakay ang ciudad at ang usok ng ciudad ay napaillanglang, sila nga'y bumalik uli, at pinatay ang mga lalaki sa Ai. **22** At ang iba'y lumabas sa ciudad laban sa kanila; na ano pa't sila'y nasa gitna ng Israel, ang iba'y sa dakong ito, at ang iba'y sa dakong yaon: at sinugatan nila sila, na ano pa't wala silang iniwan sa kanila na naiwan o nakataanan. **23** At ang hari sa Ai ay hinuli nilang buhay, at dinala nila siya kay Josue. **24** At nangyari, ng matapos ng Israel na mapatay ang lahat na mananahan sa Ai sa parang, sa ilang na kanilang pinaghabulan sa kanila, at mga nabual sa pamamagitan ng talim ng tabak, hangang sa nalipol nila sila, na bumalik ang boong Israel sa Ai, at sinugatan ng talim ng tabak. **25** At ang lahat na nabual ng araw na yaon, lalaki at gayon din ang babaye ay labing dalawang libo, lahat ng tawo sa Ai. **26** Sapagka't hindi iniurong ni Josue ang kaniyang kamay na kaniyang ipinagunat ng sibat hangang sa kaniyang nalipol na labos ang lahat na mananahan sa Ai. **27** Ang hayop lamang at ang samsam sa ciudad na yaon ang kinuba ng Israel na

pinakahuli, ayon sa salita ng PANGINOON na kaniyang iniutos kay Josue. **28** Sa gayo'y sinunog ni Josue ang Ai, at pinapaging isang buntun magpakailan man, isang kagibaan, hangang sa araw na ito. **29** At ibinitin niya ang hari ng Ai sa isang punong kahoy hangang sa kinahapunan: at sa paglubog ng araw ay iniutos ni Josue, at ibinaba nila ang kaniyang bangkay sa punong kahoy at inihagis sa pasukan ng pintuang-daan ng ciudad, at nagbunton doon ng malaking buntun na mga bato, hangang sa araw na ito.

**30** Ng magkagayo'y ipinagtayo ni Josue ng isang altar ang PANGINOON, ang Dios ng Israel, sa bundok ng Ebal, **31** gaya ng iniutos ni Moises na lingkod ng PANGINOON, sa mga anak ng Israel, gaya ng nakasulat sa libro ng kautusan ni Moises, na isang altar na hindi hinichurahang mga bato, na hindi pinagbuhatan ng sino mang tawo ng bakal: at kanilang pinaghandugan sa PANGINOON ng mga handog na susunugin, at pinaghayinan ng mga handog tungkol sa kapayapaan. **32** At siya'y sumulat doon sa mga bato ng isang salin ng kautusan ni Moises na kaniyang sinulat, sa harap ng mga anak ng Israel. **33** At ang boong Israel, at ang kanilang mga matanda at mga puno at ang kanilang mga hukom, tumayo sa dakong ito ng kaban at sa dakong yaon sa harap ng mga sacerdote na mga Levita, na nagdalala ng kaban ng tipan ng PANGINOON, ang mga taga ibang lupa at gayon din ang mga kanacian; kalahati nila ay sa harap ng bundok ng Gerizim, at kalahati nila ay sa harap ng bundok ng Ebal; gaya ng iniutos ni Moises na lingkod ng PANGINOON, na kanilang basbasan muna ang bayan ng Israel. **34** At pagkatapos ay kaniyang binasa ang lahat na salita ng kautusan, ang pagpapala at ang sumpa, ayon sa lahat na nakasulat sa libro ng kautusan. **35** Walang salita sa lahat na iniutos ni Moises na hindi binasa ni Josue sa harap ng boong kapisanan ng Israel at ng mga babaye, at ng mga bata, at ng mga taga ibang lupa na tumatahang kasama nila.

**9** At nangvari, ng marinig ng lahat na hari na nangasa dako roon ng Jordan, sa lupaing maburo, at sa mababang lupain, at sa lahat ng baybayin ng malaking dagat sa tapat ng Libano, ng Heleo, at ng Amorreo, ng Kananeo, ng Perezio, ng Heveo, at ng Jebuseo; **2** na sila'y

nagpipisan upang bumaka kay Josue at sa Israel, na may pagkakaisa.

**3** Nguni't ng marinig ng mga mananahan sa Gibeon ang ginawa ni Josue sa Jeriko at sa Ai, **4** sila nama'y gumawang may katusuhan at yumaon at nagpakanuaring sila'y mga sugo, at nagpasan ng mga lumang bayong sa kanilang mga asno at mga sisidlang balat ng alak na luma, at hapak at natatalian; **5** at mga lumang panyapak at isinuot sa kanilang mga paa, at ng mga lumang bihisan na ibinihis; at ang lahat na tinapay na kanilang baon ay tuyo at luma. **6** At sila'y naparoon kay Josue sa kamento sa Gilgal, at nagsabi sa kaniya at sa mga lalaki ng Israel: Kami ay mula sa malayong lupain: ngayon nga'y nakipagkasundo kayo sa amin. **7** At sinabi ng mga lalaki ng Israel sa mga Heveo; marahil kayo'y tumatahang kasama namin; at paanong kami ay nakipagkasundo sa inyo? **8** At kanilang sinabi kay Josue: Kami ay iyong mga alipin. At sinabi ni Josue sa kanilang: Sino kayo at mula saan kayo? **9** At sinabi nila sa kaniyang: Mula sa totoong malayong lupain ang iyong mga alipin, dahil sa pangalan ng PANGINOON iyong Dios: sapagka't aming narinig ang kabantugan niya, at ang lahat niyang ginawa sa Egipto, **10** at lahat ng kaniyang ginawa sa dalawang hari ng mga Amorreo, na nasa dako roon ng Jordan, kay Sihon na hari sa Hesbon, at kay Og na hari sa Basan, na nasa Atarot. **11** At ang aming mga matanda, at ang lahat na mananahan sa aming lupain ay nagsalita sa amin, na nagsabing: Magbaon kayo sa inyong kamay para sa paglalakbay, at yumaon kayo na salubungin ninyo siya, at inyong sabihin sa kanilang: Kami ay inyong mga alipin: at ngayo'y nakipagkasundo kayo sa amin. **12** Itong aming tinapay ay kinuha naming mainit na pinakabaon namin mula sa aming mga bahay ng araw na kami ay lumabas na patungo sa inyo; nguni't ngayon, narito, tuyo at luma: **13** at ang mga sisidlang balat ng alak na ito na aming pinuno ay bago; at narito, mga hapak: at itong aming mga bihisan at aming mga panyapak ay naging luma dahil sa totoong mahabang paglalakbay. **14** At kumuha ang mga tawo ng kanilang baon, at hindi huminging payo sa bibig ng PANGINOON. **15** At si Josue ay nakipagpayapaan sa kanila at nakipagupuan sa kanila, na hubuhayin sila: at ang mga

pangulo ng kapulungan ay sumumpa sa kanila. **16** At nangyari, sa katapusan ng tatlong araw, pagkatapos na sila'y makipagtipan sa kanila, na kanilang nabalitaan na sila'y kanilang kalapit bayan, at sila'y tumatahan na kasama nila. **17** At ang mga anak ng Israel ay naglakbay, at naparoon sa kanilang mga ciudad sa ikatlong araw. Ang kanila ngang mga ciudad ay Gibeon, Kefira, at Beero't at Kiriath-jearim. **18** At hindi sila sinugatan ng mga anak ng Israel, sapagka't ang mga pangulo ng kapulungan ay sumumpa sa kanila sa pangalan ng PANGINOON, ng Dios ng Israel. At ang boong kapulungan ay tumakap laban sa mga pangulo. **19** Ngunit sinabi ng lahat na pangulo sa boong kapulungan: Kami ay sumumpa sa kanila sa pangalan ng PANGINOON, ng Dios ng Israel: ngayon nga ay hindi natin magagalaw sila. **20** Ito ang ating gagawin sa kanila at sila'y ating bubuhayin; baka ang pag-iinit ay sumaatin dahil sa sumpa na aming isinumpa sa kanila. **21** At sinabi ng mga pangulo sa kanilang: Mabuhay sila: sa gayo'y sila'y naging mangangahoy at mananalok ng tubig sa boong kapulungan; gaya ng sicalita ng mga pangulo sa kanila. **22** At tinawag ni Josue sila, at nagsalita siya sa kanila, na nagsabing: Bakit kayo'y nagdaya sa amin, na nagsabing: Kami ay toteong malayo sa inyo; sa bagay ay tumatahan kayong kasama namin? **23** Ngayon nga'y sumpain kayo, at hindi mawawalan sa inyo kailan man ng alipin, ng mangangahoy at gayon din ng mananalok ng tubig para sa bahay ng aking Dios. **24** At sila'y sumagot kay Josue, at nagsabing: Sapagka't tunay na basaysay sa iyong mga alipin, kung paanong iniutos ng PANGINOON iyong Dios kay Moises na kaniyang lingkod, na ibibigay sa inyo ang boong lupain, at inyong lili-pulin ang lahat na mananahan sa lupain sa harap ninyo; kaya't ikinatakot naming mainam ang aming buhay dahil sa inyo, at aming ginawa ang bagay na ito. **25** At ngayon, narito, kami ay nasa iyong kamay: kung ano ang inakala mong mabuti at matuid na gawin sa amin, gawin mo. **26** At gayon ang ginawa niya sa kanila, at iniligtas niya sila sa kamay ng mga anak ng Israel, na hindi sila pinatay. **27** At ginawa sila ni Josue ng araw na yaon na mangangahoy at mananalok ng tubig para sa kapulungan, at para sa altar ng PANGINOON, hangang sa

araw na ito, sa lugar na kaniyang pipilito.

**10** Nangyari nga, ng marinig ni Adoni-zedek na hari sa Jerusalem na kung paanong nasakop ni Josue ang Ai at nagibang lubos; na kung paano ang kaniyang ginawa sa Jeriko at sa hari noon, gayon ang kaniyang ginawa sa Ai at sa hari noon; at kung paanong ang mga mananahan sa Gibeon ay nakipagpapayapaan sa kanila, at nangasa sa gitna nila; 2 na sila'y natakot na mainam, sapagka't ang Gibeon ay malaking ciudad, na gaya ng isa sa mga ciudad hari, at sapagka't lalong malaki kay sa Ai, at ang lahat na lalaki roon ay mga makapangyarihan. **3** Kaya't si Adoni-zedek na hari sa Jerusalem ay nagsugo kay Hoham na hari sa Hebron, at kay Piram na hari sa Jarmut, at kay Jafia na hari sa Lakis, at kay Debir na hari sa Eglon, na sinabing: **4** Sampahin ninyo ako at inyong tulungan ako, at sugatan natin ang Gibeon: sapagka't nakipagpapayapaan kay Josue at sa mga anak ng Israel. **5** Kaya't ang limang hari ng mga Amorreo, ang hari sa Jerusalem, ang hari sa Hebron, ang hari sa Jarmut, ang hari sa Lakis, ang hari sa Eglon, nagpipisan at sumampa, sila, at ang lahat nilang hukbo, at tumayo laban sa Gibeon, at nakipagbaka laban doon. **6** At ang mga tawo sa Gibeon ay nagsugo kay Josue sa kampaamento sa Gilgal, na nagsabing: Huag mong papanlambutin ang iyong kamay sa iyong mga alipin; sampahin mo kaming madali, at iligtas mo kami, at tulungan mo kami: sapagka't ang lahat na hari ng mga Amorreo na tumatahan sa lupaing maburot ay nagpipisan laban sa amin. **7** Sa gayo'y sumampa si Josue mula sa Gilgal, siya, at ang boong bayang pangbaka na kasama niya, at ang lahat na makapangyarihang lalaki na matapang. **8** At sinabi ng PANGINOON kay Josue: Huag mo silang katakutan: sapagka't aking ibinigay sila sa iyong mga kamay; walang lalaki roon sa kanila na tatayo sa harap mo. **9** Si Josue nga ay naparoonig bigla sa kanila; siya'y sumampa mula sa Gilgal boong gabi. **10** At nilito sila ng PANGINOON sa harap ng Israel, at kaniyang pinatay sila ng malaking pagpatay sa Gibeon, at linabol niya sila sa daan na sampahan sa Bet-horon, at sinugatan niya sila sa Azeka, at hangang sa Makeda. **11** At nangyari, sa paraang sila'y tumakas sa harap ng Israel habang sila'y nasa babaan sa Bet-horon, na binagsakan sila

nḡ PANĠINOON sa Azeka nḡ mḡa malaking bato na mula sa langit, at sila'y namatay: sila'y higit na namatay sa pamamag-itan nḡ mḡa batong granizo kay sa pinatay nḡ mḡa anak nḡ Israel sa pamamag-itan nḡ tabak.

**12** Nḡ magkagayo'y nagsalita si Josue sa PANĠINOON sa araw na ibinigay nḡ PANĠINOON ang mḡa Amorreo sa harap nḡ mḡa anak nḡ Israel; at kaniyang sinabi sa paningin nḡ Israel:

Araw, tumigil ka sa Gibeon;

At ikaw, buan, sa libis nḡ Ayalon.

**13** At ang araw ay tumigil, at ang buan ay huminto,

Hangang sa ang nasyon ay nakaganti sa kaniyang mḡa kaaway.

ḡ Hindi ba ito nakasulat sa libro ni Jasar? At ang araw ay tumigil sa gitna nḡ langit, at hindi nagmadaling lumubog na may isang boong araw. **14** At hindi nagkaroon nḡ araw na gaya noon bago nangyari yaon o pagkatapos noon, na ang PANĠINOON ay nakinig sa voces nḡ tawo: sapagka't ibinaka nḡ PANĠINOON ang Israel.

**15** At si Josue ay nagbalik at ang boong Israel na kasama niya, sa kampamento sa Gilgal.

**16** At ang limang haring ito ay tumakas at nagsipagkubli sa yungib sa Makeda.

**17** At nasaysay kay Josue, na sinabing: Ang limang hari ay nasumpungan, na nakatago sa yungib nḡ Makeda. **18** At sinabi ni Josue: Maggulong kayo nḡ mḡa malaking bato sa bunganga nḡ yungib, at maglagay kayo nḡ mḡa lalaki roon upang magbantay sa kanila: **19** ngunit huag kayong magsitigil; inyong habulin ang inyong mḡa kaaway, at inyong sugatan ang kahulihulihan sa kanila; huag niyong tiising masuk sa kanilang mḡa ciudad: sapagka't ibinigay sila nḡ PANĠINOONG inyong Dios sa inyong kamay.

**20** At nangyari, nḡ makatapos si Josue at ang mḡa anak nḡ Israel nḡ pagpatay nḡ malaking pagpatay sa kanila, hangang sa mḡa nalipol at ang labi na nalabi sa kanila ay nasok sa mḡa nakukutaang ciudad, **21** na ang boong bayan ay bumalik sa kampamento kay Josue sa Makeda na payapa: walang maggalaw nḡ kaniyang dila laban sa kanino man sa mḡa anak nḡ Israel. **22** Nḡ magkagayo'y sinabi ni Josue: Inyong buksan ang bunganga nḡ yungib, at inyong ilabas sa akin ang limang haring iyan sa yungib. **23** At kanilang ginawang gayon, at inilabas ang

limang haring yaon mula sa yungib, ang hari sa Jerusalem, ang hari sa Hebron, ang hari sa Jarmut, ang hari sa Lakis, ang hari sa Eglon. **24** At nangyari, nḡ kanilang tawagin ang mḡa haring yaon kay Josue, na tinawag ai Josue ang lahat na lalaki sa Israel, at sinabi sa mḡa puno nḡ mḡa lalaking pangbaka na yumaon na kasama niya: Kayo'y lumapit, inyong ilagay ang inyong mḡa paa sa mḡa leeg nḡ mḡa haring ito. At sila'y lumapit at inilagay ang kanilang mḡa paa sa mḡa leeg nḡ mḡa yaon. **25** At sinabi ni Josue sa kanilang: Kayo'y huag matakot, o manlupaypay man; kayo'y magpakalakas at magpakatayang na ma-but: sapagka't ganito ang gagawin nḡ PANĠINOON sa lahat niyong mḡa kaaway na inyong binabaka. **26** At pagkatapos ay sinugatan sila ni Josue, at ipinapatay sila, at ibinitin sila sa limang puno nḡ kahoy: at sila'y nangabitin sa mḡa puno nḡ kahoy hangang sa kinalapunan. **27** At nangyari sa paglubog nḡ araw, na si Josue ay nag-utos at kanilang ibinaba sa mḡa punong kahoy, at kanilang inihagis sa yungib na kanilang pinagtaguan, at kanilang nilagan ng mḡa malaking bato ang bunganga nḡ yungib, hangang sa araw na ito.

**28** At sinakop ni Josue ang Makeda nḡ araw na yaon, at sinugatan nḡ talim nḡ tabak, at ang hari noon; kaniyang mḡa lubos na nilipol at ang lahat na katawo na nandoon, wala siyang iniwan: at kaniyang ginawa sa hari sa Makeda ang gaya nḡ kaniyang ginawa sa hari sa Jeriko.

**29** At si Josue ay dumaan mula sa Makeda, at ang boong Israel na kasama niya, hangang sa Libna, at bumaka laban sa Libna: **30** at ibinigay rin nḡ PANĠINOON, at ang hari noon, sa kamay nḡ Israel; at kaniyang sinugatan nḡ talim nḡ tabak; at ang lahat na katawo na nandoon; wala siyang iniwan doon; at kaniyang ginawa sa hari noon ang gaya nḡ kaniyang ginawa sa hari sa Jeriko.

**31** At dumaan si Josue mula sa Libna, at ang boong Israel na kasama niya, hangang sa Lakis, at tumayo laban doon, at bumaka laban doon: **32** at ibinigay nḡ PANĠINOON ang Lakis sa kamay nḡ Israel at kaniyang sinakop sa ikalawang araw, at sinugatan nḡ talim nḡ tabak at ang lahat na katawo na nandoon, ayon sa lahat na ginawa niya sa Libna.

**33** Nḡ magkagayo'y sumampa si Horam na hari sa Gezer upang tulungan ang

Lakis; at sinugatan ni Josue siya at ang kaniyang bayan, hangang sa walang iniwan siya sa kaniya.

**34** At dumaan si Josue mula sa Lakis, at ang boong Israel na kasama niya, hangang sa Eglon; at sila'y tumayo laban doon, at bumaka laban doon; **35** at kanilang sinakop, at sinugatan ng talim ng tabak, at ang lahat na katawo na nandoon ay kaniyang lubos na nilipol ng araw na yaon, ayon sa lahat niyang ginawa sa Lakis.

**36** At sumampa si Josue mula sa Eglon, at ang boong Israel na kasama niya, hangang sa Hebron; at sila'y bumaka laban doon: **37** at kanilang sinakop, at sinugatan ng talim ng tabak, at ang hari noon, at ang lahat na ciudad noon, at ang lahat na tawo na nandoon; wala siyang iniwang nalabi, ayon sa lahat niyang ginawa sa Eglon; kungdi kaniyang lubos na nilipol, at ang lahat na tawo na nandoon.

**38** At si Josue ay bumalik, at ang boong Israel na kasama niya, sa Debir; at bumaka laban doon: **39** at kaniyang sinakop at ang hari noon, at ang lahat na ciudad noon; at kanilang mga sinugatan ng talim ng tabak at lubos na nilipol ang lahat na katawo na nandoon: wala siyang iniwang nalabi: kung paano ang kaniyang ginawa sa Hebron, gayon ang kaniyang ginawa sa Debir, at sa hari noon, gaya ng kaniyang ginawa sa Libna at sa hari noon.

**40** Ganito sinugatan ni Josue ang boong lupain, ang lupaing maburo, at ang timagan, at ang mababang lupain, at ang mga tagudtod, at ang lahat ng hari noon; wala siyang iniwang nalabi: kungdi kaniyang lubos na nilipol ang lahat na humihinga, gaya ng iniutos ng PANGINOON, ng Dios ng Israel. **41** At sinugatan sila ni Josue mula sa Kades-barnea hangang sa Gaza, at ang boong lupain ng Gosen, hangang sa Gibeon. **42** At ang lahat ng haring ito at ang kanilang lupain ay sinakop ni Josue na paminsan, sapagka't ibinaka ng PANGINOON, ng Dios ng Israel ang Israel. **43** At si Josue ay bumalik, at ang boong Israel na kasama niya, sa kampo sa Gilgal.

**44** At nangyari, ng marinig ni Jabin sa hari sa Hazor, na siya'y nagsugo kay Jobab na hari sa Madon, at sa hari sa Simron at sa hari sa Akaf, **2** at sa mga hari na nanaga sa hilagaan, sa lupaing maburo, at sa Araba sa timugan ng Cine-

rot at sa mababang lupain, at sa mga kaitaan ng Dor sa kalunuran, **3** sa Kananeo sa silangan at sa kalunuran, at sa Amorreo, at sa Heteo, at sa Perizeo, at sa Jebuseo, sa lupaing maburo, at sa Heveo sa ibaba ng Hermon, sa lupain ng Mizpe. **4** At sila'y lumabas, sila at ang kanilang mga hukbo na kasama nila, maraming tawo gaya nga ng mga bulahing na nasa baybayin ng dagat sa karamihan, na may mga kabayo at mga karro na totoong marami. **5** At ang lahat ng haring ito ay nagpipisan; at sila'y naporoon at tumigil na magkakasama sa mga tubig ng Merom, upang bumaka sa Israel. **6** At sinabi ng PANGINOON kay Josue: Huag kang matakot dahil sa kanila; sapagka't bukas sa ganitong oras ay ibibigay ko silang lahat na patay sa harap ng Israel: iyong pipilayan ang kanilang mga kabayo, at sisilaban ang kanilang mga karro ng apoy. **7** Sa gayo'y biglang naporoon si Josue, at ang boong bayang pangbaka na kasama nila, laban sa kanila sa tabi ng mga tubig ng Merom, at dumaluhong sila sa kanila. **8** At ibinigay sila ng PANGINOON sa kamay ng Israel, at sinugatan nila sila, at hinabol nila sila hangang sa malaking Zidon, at hangang sa Misrefot-maim, at hangang sa libis ng Mizpe, sa dakong silangan; at sinugatan nila sila hangang sa wala silang iniwan sa kanila na labi. **9** At ginawa ni Josue sa kanila ang gaya ng iniutos ng PANGINOON sa kaniya: kaniyang pinilayan ang kanilang mga kabayo, at sisilaban ang kanilang mga karro ng apoy.

**10** At naghalik si Josue ng panahong yaon at sinakop ang Hazor, at sinugatan ng tabak ang hari noon: sapagka't ang Hazor ng una ay pangulo ng lahat na kahariang yaon. **11** At kanilang sinugatan ng talim ng tabak ang lahat na katawo na nandoon, na kanilang lubos na giniba: walang naiwan na may hinga, at kaniyang sisilaban ng apoy ang Hazor. **12** At ang lahat na ciudad ng mga haring yaon at ang lahat na hari ng mga yaon ay sinakop ni Josue, at sinugatan niya sila ng talim ng tabak at lubos na nilipol sila; gaya ng iniutos ni Moises na lingkod ng PANGINOON. **13** Ngunit tungkol sa mga ciudad na tumatayo sa kanilang mga bantog, walang sinunog ang Israel sa mga yaon, liban sa Hazor lamang; na sinunog ni Josue. **14** At ang lahat na samsam sa mga ciudad at ang hayop, kinuha ng mga anak ng Israel na



pinakahuli sa ganang kanilang sarili: nguni't ang lahat ng tawo ay sinugatan nila ng talim ng tabak hangang sa kanilang nalipol sila, o nag-iwan man sila ng ano mang may hinga. **15** Kung paanong nag-utos ang PANGINOON kay Moises na kaniyang lingkod, gayon nag-utos si Moises kay Josue: at gayon ang ginawa ni Josue; wala siyang iniwang hindi vari sa lahat na iniutos ng PANGINOON kay Moises.

**16** Sa gayo'y sinakop ni Josue ang boong lupaing yaon, ang lupaing maburoh, at ang boong Timugan at ang boong lupain ng Gosen, at ang mababang lupain, at ang Araba, at ang lupaing maburoh ng Israel, at ang mababang lupain niyaon din; **17** mula sa bundok ng Halak na sumazampa sa Seir, hangang sa Baal-gad sa libis ng Libano sa ibaba ng bundok Hermon: at kinuha niya ang laha nilang hari, at sinugatan niya sila at ipinapatay niya sila. **18** Si Josue ay bumakang malaong panahon sa lahat ng mga haring yaon. **19** Walang ciudad na nakipagpayaapan sa mga anak ng Israel, liban ang mga Heveo na mga mananahan sa Gibeon: kanilang kinuhang lahat sa pakikipagbaka. **20** Sapagka't *inakala* nga ng PANGINOON na patigas in ang kanilang puso, upang pomaroon laban sa Israel sa pakikipagbaka, upang kanilang malipol silang lubos, upang huag silang magtamo ng biyaya, kungdi kaniyang malipol sila, gaya ng iniutos ng PANGINOON kay Moises.

**21** At naparoon si Josue ng panahong yaon at inihawalay ang mga Anakeo sa lupaing maburoh sa Hebron, sa Debir, sa Anah, at sa boong lupaing maburoh ng Juda at sa boong lupaing maburoh ng Israel: nilipol silang lubos ni Josue sampuo ng kanilang mga ciudad. **22** Walang naiwan sa mga Anakeo sa lupain ng mga anak ng Israel: sa Gaza lamang, sa Gat, at sa Asdod, nag-iwan siya ng ilan. **23** Sa gayo'y sinakop ni Josue ang boong lupain ayon sa lahat na sinalita ng PANGINOON kay Moises; at ibinigay ni Josue na pinakamana sa Israel na ayon sa kanilang pagkakabahagi ayon sa kanilang mga angkan. At ang lupain ay nagkaroon ng kapahingahan sa pagbabaka.

**12** Ang mga ito nga ang mga hari sa lupain na sinugatan ng mga anak ng Israel, at inari ang kanilang lupain sa dako roon ng Jordan na dakong sinisikatan ng araw, mula sa libis ng Arnon hangang sa bundok ng Hermon, at ng boong Araba na dakong silanganan: **2** Si Si-

hon na hari ng mga Amorreo, na tumahan sa Hesbon at nagpuho mula sa Aroer, na nasa dulo ng libis ng Arnon at ang ciudad na nasa gitna ng libis, at ang kalahati ng Gilead, hangang sa ilog Jabok, na hanganan ng mga anak ng Ammon; **3** at ang Araba hangang sa dagat ng Cinerot, na dakong silanganan, at hangang sa dagat ng Araba, na Dagat na Alat, na dakong silanganan, na daan na patungo sa Bet-jesimot; at sa timugan sa ilalim ng mga tagudtod ng Pisga: **4** at ang hanganan ni Og na hari sa Basan, sa nalabi ng mga higante na tumahan sa Atarot at sa Edrei, **5** at nagpuho sa bundok ng Hermon, at sa Saleka, at sa boong Basan, hangang sa hanganan ng mga Gesureo at ng mga Maakateo, at ng kalahati ng Gilead, na hanganan ni Sihon na hari sa Hesbon. **6** Sinugatan sila ni Moises na lingkod ng PANGINOON at ng mga anak ng Israel: at ibinigay ni Moises na lingkod ng PANGINOON na pinakaari sa mga Rubenita, at sa mga Gadita, at sa kalahating angkan ni Manases.

**7** At ang mga ito ang mga hari ng lupain na sinugatan ni Josue at ng mga anak ng Israel sa dako roon ng Jordan na dakong kalunuran mula sa Baal-gad na libis ng Libano hangang sa bundok ng Halak na pasampa sa Seir; at ibinigay ni Josue na pinakaari sa mga angkan ng Israel ayon sa kanilang pagkakabahagi; **8** sa lupaing maburoh, at sa mababang lupain, at sa Araba, at sa mga tagudtod, at sa ilang, at sa timugan; ang Heteo, ang Amorreo, at ang Kananeo, ang Perizeo, ang Heveo, at ang Jebuseo: **9** ang hari sa Jeriko, isa; ang hari sa Ai na nasa tabi ng Bet-el, isa; **10** ang hari sa Jerusalem, isa; ang hari sa Hebron isa; **11** ang hari sa Jarmut, isa; ang hari sa Lakis, isa; **12** ang hari sa Eglon, isa; ang hari sa Gezer, isa; **13** ang hari sa Debir, isa, ang hari sa Geder, isa; **14** ang hari sa Horma, isa; ang hari sa Arad, isa; **15** ang hari sa Libna, isa; ang hari sa Adullam, isa; **16** ang hari sa Makeda, isa; ang hari sa Bet-el, isa; **17** ang hari sa Tapua, isa; ang hari sa Hefer, isa; **18** ang hari sa Afek, isa; ang hari sa Lasaron, isa; **19** ang hari sa Madon, isa; ang hari sa Hazor, isa; **20** ang hari sa Simron-meron, isa; ang hari sa Aksaf, isa; **21** ang hari sa Taanak, isa; ang hari sa Megido, isa; **22** ang hari sa Kedes, isa; ang hari sa Jokneam sa

Karmel, isa; **23** ang hari sa Dor sa kai-taasan ng Dor, isa; ang hari ng mga nasyon sa Gilgal, isa; **24** ang hari sa Tirza, isa; lahat ng hari ay tatlong pu't isa.

**13** Si Josue nga'y matanda at puspos ng mga taon; at sinabi ng PANGINOON sa kaniyang: Ikaw ay matanda at puspos ng mga taon; at may nalalabi pang totoong maraming lupain na aariin. **2** Ito ang lupain na nalalabi pa: ang lahat na lupain ng mga Filisteo, at ang lahat na Gesureo; **3** mula sa Sihor na nasa tapat ng Egipto, hangang sa hanganan ng Ekron na dakong hilagaan, na nabilang sa mga Kananeo; ang limang pangulo ng mga Filisteo, ang Gazeo, ang Asdodeo, ang Askaloneo, ang Giteo, ang Ekrono, gayon din ang mga Ayyeo. **4** Sa dakong timugan: ang lahat na lupain ng mga Kananeo, at ang Meara, na nauukol sa mga Zidonio hangang sa Atek sa hanganan ng mga Amorreo: **5** at ang lupain ng mga Gebalita, at ang boong Libano, sa dakong sinisikatan ng araw, mula sa Baalgad, sa ibaba ng bundok Hermon hangang sa pasukan sa Hamat: **6** lahat ng mananaban sa lupain; maburot mula sa Libano hangang sa Misrefot-maim, lahat ng Zidonio: sila'y aking itataloy mula sa harap ng Israel; iyo lamang bahagihin sa Israel na pinakamana, gaya ng iniutos ko sa iyo. **7** Iyo ngang bahagihin ang lupain ito na pinakamana sa sian na angkan, at sa kalahating angkan ng Manases. **8** Na ang kalahati sa mga Rubenita at sa mga Gadita, na tumangap ng kanilang mana, na ibinigay sa kanila ni Moises, sa dako roon ng Jordan na dakong silanganan gaya ng ibinigay sa kanila ni Moises na lingkod ng PANGINOON; **9** mula sa Aroer na nasa hanganan ng libis ng Arnon at ang ciudad na nasa gitna ng libis, at ang boong kapatagan ng Medeba hangang sa Dibon: **10** at ang lahat na ciudad ni Sihon na hari ng mga Amorreo, na naghahari sa Hesbon hangang sa hanganan ng mga anak ng Ammon; **11** at ang Gilead, at ang hanganan ng mga Gesureo at ng mga Maakateo at ang boong bundok ng Hermon, at ang boong Basan hangang sa Saleka; **12** ang boong kaharian ni Og sa Basan na naghari sa Atarot at sa Edrei (na siyang naiwang labi sa mga gigante); sapagkat sinugatan ang mga ito ni Moises at mga itinaboy. **13** Gayon ma'y hindi itinaboy ng mga anak ng

Israel ang mga Gesureo, o ang mga Maakateo man; kungdi ang Gesur at ang Maakat ay tumuhan sa gitna ng Israel hangang sa araw na ito. **14** Ang angkan lamang ni Levi ang hindi niya binugyan ng mana; ang mga handog sa PANGINOON, sa Dios ng Israel na pinaraan sa apoy ay siyang kanilang mana, gaya ng sinalita niya sa kaniya.

**15** At nagbigay si Moises sa angkan ng mga anak ni Ruben ng ayon sa kanilang mga kamag-anakan. **16** At ang kanilang hanganan ay mula sa Aroer, na nasa tabi ng libis ng Arnon, at ang ciudad ay nasa gitna ng libis, at ang boong kapatagan sa tabi ng Medeba; **17** ang Hesbon at ang lahat na ciudad noon na nasa kapatagan; ang Dibon at ang Bamot-baal, at ang Bet-baal-meon; **18** at ang Jahaz, at ang Kedemot, at ang Mefaat; **19** at ang Kiriat-aim, at ang Sihma, at ang Zeretsahar, sa bundok ng libis; **20** at ang Bet-peor, at ang mga tagadot ng Pisga, at ng Bet-jesimot; **21** at ang lahat na ciudad na kapatagan at ang boong kaharian ni Sihon na hari ng mga Amorreo na naghari sa Hesbon, na siyang sinugatan ni Moises na kasama ng mga puno sa Madian, si Evi, si Rekem, at si Zur, at si Hur, at si Reba na mga pangulo sa Sihon, na tumahan sa lupain. **22** Si Balaam man na anak ni Beer na mangbulula, pinatay ng mga anak ng Israel ng tabak sa gitna ng nalabi sa kanilang mga patay. **23** At ang hanganan ng mga anak ni Ruben ay ang Jordan, at ang hanganan noon. Ito ang mana ng mga anak ni Ruben ayon sa kanilang mga kamag-anakan, ang mga ciudad at ang mga nayon noon.

**24** At si Moises ay nagbigay sa angkan ng Gad, sa mga anak ni Gad, ayon sa kanilang mga kamag-anakan. **25** At ang kanilang hanganan ay ang Jazer, at ang lahat na ciudad ng Gilead, at ang kalahati ng lupain ng mga anak ni Ammon, hangang sa Aroer na nasa tapat ng Raba; **26** at mula sa Hesbon hangang Ramat-mizpe, at sa Betonim; at mula sa Mahanaim hangang sa hanganan ng Debir; **27** at sa libis, ang Bet-haram, at ang Bet-nimra at ang Sukot at ang Zafon, ang labis ng kaharian ni Sihon na hari sa Hesbon, ang Jordan at ang hanganan noon, hangang sa kaduloduhang bahagi ng dagat na Cicerot, sa dako roon ng Jordan na dakong silanganan. **28** Ito ang mana ng mga anak ni Gad ayon sa

kanilang mga kamag-anakan, ang mga ciudad at ang mga nayon noon.

**29** At si Moises ay nagbigay ng *mana* sa kalahating angkan ng Manases: at para sa kalahating angkan ng mga anak ni Manases ayon sa kanilang mga kamag-anakan. **30** At ang kanilang hanganan ay mula sa Mahanaim, ang boong Basan, ang boong kaharian ni Og na hari sa Basan at ang lahat na bayan ng Jair na rasa Basan, anim na puong ciudad: **31** at ang kalahati ng Gilead at ang Atarot at ang Edrei, ang mga ciudad ng kaharian ni Og sa Basan, ay para sa mga anak ni Makir na anak ni Manases para sa kalahati ng mga anak ni Makir ayon sa kanilang mga kamag-anakan.

**32** Ito ang mga *mana* na binahagi ni Moises sa mga kapatagan ng Moab, sa dako roon ng Jordan sa Jeriko, na dakong silanganan. **33** Ngunit sa angkan ni Levi ay walang ibinigay si Moises na *mana*: ang PANGINOON, ang Dios ng Israel ay siyang kanilang *mana*, gaya ng kaniyang sinalita sa kanila.

**14** At ito ang mga *mana* na sinakop ng mga anak ng Israel sa lupain ng Kanaan, na binahagi sa kanila ni Eleazar na sacerdote, at ni Josue na anak ni Nun, at ng mga pangulo ng mga bahay ng mga magulang sa mga angkan ng mga anak ng Israel. **2** sa pamamagitan ng sapalaran *binahagi* sa kanila ang *mana*, gaya ng iniutos ng PANGINOON sa pamamagitan ni Moises para sa siam na angkan, at para sa kalahating angkan. **3** Sapagka't nabigyan na ni Moises ng *mana* ang dalawang angkan at ang kalahating angkan sa dako roon ng Jordan: ngunit sa mga Levita ay wala siyang ibinigay na *mana* sa kanila.

**4** Sapagka't ang mga anak ni Jose ay naging dalawang angkan, ang Manases at ang Efraim: at hindi sila nagbigay ng bahagi sa mga Levita sa lupain, liban ang mga ciudad na matahanan, sampuo ng mga nayon noon para sa kanilang hayop at para sa kanilang pag-aari. **5** Kung paano ang iniutos ng PANGINOON kay Moises, gayon ang ginawa ng mga anak ng Israel, at kanilang binahagi ang lupain.

**6** Ng magkagayo'y lumapit ang mga anak ng Juda kay Josue sa Gilgal: at sinabi ni Kaleb na anak ni Jefune na Kenizeo: Iyong talastas ang bagay na sinalita ng PANGINOON kay Moises na lalaki ng Dios, tungkol sa akin at tungkol sa iyo sa Kades-barnea. **7** Ako'y may

apat na puong taon ng ako'y suguin ni Moises na lingkod ng PANGINOON mula sa Kades-barnea upang tiktikan ang lupain; at aking dinalhan ng sagot siya ng gaya ng nasa aking puso. **8** Gayon ma'y tinunaw ng mga kapatid na kasama ko ang puso ng bayan: ngunit ako'y lubos na sumunod sa PANGINOONG aking Dios. **9** At si Moises ay sumumpa ng araw na yaon, na nagsabing: Tubay na ang lupain na tinuntungan ng iyong paa ay magiging isang *mana* sa iyo at sa iyong mga anak magpakailan man, sapagka't sumunod kang lubos sa PANGINOONG aking Dios. **10** At ngayon, narito, iningatan akong buhay ng PANGINOON, gaya ng kaniyang sinalita nitong apat na puo't limang taon, mula ng panahon na salitain ng PANGINOON ang salitang ito kay Moises, samantalang lumalakad ang Israel sa ilang: at ngayon, narito, ako ng araw na ito na walong puo't limang taon ang katandaan. **11** Gayon ma'y malakas pa ako ng araw na ito na gaya ng araw na suguin ako ni Moises; kung paano nga ang lakas ko niyaon, gayon ang lakas ko ngayon, sa pakikipagbaka, at sa paglabas at sa pagpasok. **12** Ngayon nga ay ibigay mo sa akin ang bundok na ito na sinalita ng PANGINOON ng araw na yaon; sapagka't iyong narinig ng araw na yaon kung paano ang Anakeo ay nandian, at mga ciudad na malaki at nakukutaan: marahil ay sasa akin ang PANGINOON, at akin silang maitataboy gaya ng sinalita ng PANGINOON. **13** At binasbasan siya ni Josue; at kaniyang ibinigay ang Hebron kay Kaleb na anak ni Jefune, na pinakaari niya. **14** Kaya't ang Hebron ay naging *mana* ni Kaleb na anak ni Jefune na Kenizeo hangang sa araw na ito; sapagka't kaniyang lubos na sinunod ang PANGINOON, ang Dios ng Israel. **15** Ang pangalan nga ng Hebron ng una ay Kiriat-arba; na siyang Arba na pinakamalaking lalaki sa mga Anakeo. At ang lupain ay nagpahinga sa pagbaha.

**15** At naging kapalaran ng angkan ng mga anak ng Juda ayon sa kanilang mga kamag-anakan ay hangang sa hanganan ng Edom; hangang sa ilang ng Zin na dakong timugan, sa kahulihulihang bahagi ng timugar. **2** At ang kanilang timugang hanganan ay mula sa kahulihulihang bahagi ng Dagat na Alat, mula sa dagatdagatan na nakaharap sa dakong timugan: **3** at lumalabas sa da-

kong timugan ng pagsampa sa Akrahim, at dumaraan sa Zin at sumasampa sa timugan ng Kades-barnea, at dumadaan sa Hebron, at sumasampa sa Adar, at pumipihit sa Karkar: **4** at dumadaan sa Azmon, at lumalabas sa batis ng Egipto, at ang mga labasan ng hanganan ay sa dagat: ito ang magiging inyeng tinugang hanganan. **5** At ang silanganang hanganan ay ang Dagat na Alot, hangang sa katapusan ng Jordan. At ang hanganan ng hilagaang dako ay mula sa dagatdagatan ng dagat na nasa katapusan ng Jordan: **6** at sumasampa ang hanganan sa Bet-hogla, at dumaraan sa hilagaang ng Bet-araba; at ang hanganan ay sumasampa sa bato ni Bohan na anak ni Ruben: **7** at ang hanganan ay sumasampa sa Debir mula sa libis ng Akor, at gayon sa dakong hilagaang humaharap sa dakong Gilgal, na nasa tapat ng pagsampa sa Adumim, na nasa dakong timugan ng ilog: at ang hanganan ay dumadaan sa mga tubig ng En-semes, at ang mga labasan noon ay sa En-rogel: **8** at ang hanganan ay sumasampa sa libis ng anak ni Hinom hangang sa dako ng Jebuseo na dakong timugan (na siya ring Jerusalem): at ang hanganan ay sumasampa sa taluktok ng bundok na lumalagat sa harap ng libis ng Hinom na dakong kalunuran, na nasa kahulihuhilang hanganan ng libis ng Refaim na dakong hilagaan: **9** at ang hanganan ay umaagos mula sa taluktok ng bundok hangang sa bukal ng mga tubig ng Neftoa, at lumalabas sa mga ciudad ng bundok ng Efron, at ang hanganan ay tumutungo sa Baala (na siya ring Kirjat-jearim): **10** at ang hanganan ay pumipihit mula sa Baala na dakong kalunuran sa bundok ng Seir, at dumaraan sa tabi ng bundok Jearim sa hilagaan (na siya ring Kesalon), at bumababa sa Bet-semes at dumaraan sa Timna. **11** At ang hanganan ay lumalabas sa siping ng Ekron na dakong hilagaan: at ang hanganan ay umaagos sa Sikeron, at dumaraan sa bundok ng Baala, at lumalabas sa Jabneel; at ang mga labasan ng hanganan ay sa dagat. **12** At ang kalunurang hanganan ay ang malaking dagat, at ang hanganan noon. Ito ang hanganan ng mga anak ni Juda sa palibot, ayon sa kanilang mga kamag-anakan.

**13** At kay Kaleb na anak ni Jefune ay nagbigay siya ng isang bahagi sa gitna ng mga anak ni Juda, ayon sa utos ng PANGINOY kay Josue, sa makatuid na

ga'y ang Kiriat-arba, na siyang Arba na ama ni Anak (na siya ring Hebron).

**14** At pinalayas ni Kaleb mula roon ang tatlong anak ni Anak, si Sesai, si Ahiman at si Talmai, na mga anak ni Anak.

**15** At siya'y sumampa mula roon laban sa mga mananahan sa Debir: ang pangalan nga ng Debir ng una ay Kiriat-sefer.

**16** At sinabi ni Kaleb: Ang sumaugat sa Kiriat-sefer at sumakop, sa kaniya ko papag-aasawahin si Aksa na aking anak na babaye. **17** At sinakop ni Otniel na anak ni Kenaz, na kapatid ni Kaleb: at pinapag-asawa niya sa kaniya si Aksa na kaniyang anak na babaye. **18** At nangvari, ng si Aksa ay malakip sa kaniya, na kinilos nito siya na humingi sa kaniyang ama ng isang parang: at siya'y bumala sa kaniyang asno, at sinabi ni Kaleb sa kaniyang: Anong mairoon ka? **19** At kaniyang sinabing: Pagpalain mo ako; sapagka't inilagay mo ako sa lupain na timugan, bigyan mo rin ako ng mga bukal ng tubig. At ibinigay niya sa kaniya ang mga mataas na bukal at ang mga mababang bukal.

**20** Ito ang mana ng angkan ng mga anak ni Juda ayon sa kanilang mga kamag-anakan.

**21** At ang mga kaduluduluhang ciudad ng angkan ng mga anak ng Juda sa dako ng hanganan ng Edom sa timugan ay Kabzeel, at Eder, at Jagur; **22** at Kina, at Dimona, at Adada; **23** at Kedes, at Hazor, at Itnan; **24** at Zif, at Telen, at Bealot; **25** at Hazor-hadata, at Keriot-hebron (na siya ring Hazor); **26** Amath, at Sena, at Molada; **27** at Hazar-gada, at Hesmon, at Bet-pelet; **28** at Hazar-sual, at Beer-seba, at Biziotia; **29** Baala, at Iyim, at Ezem; **30** at Eltolad, at Cesil, at Horma; **31** at Ziklag, at Madmana, at Sansana; **32** at Lebaot at Silhim, at Avin at Rimon: lahat ng mga ciudad ay dalawang puot siam, sampuo ng kanilang mga nayon.

**33** Sa mababang lupain: Estael, at Zora, at Asna; **34** at Zanoa, at Engabiu, Tapua, at Enaua; **35** Jasut at Adullam, Soko at Azoka; **36** at Saaraim at Aditaim, at Gadera at Gederotaim; labing apat na ciudad sampuo ng mga nayon ng mga yaon.

**37** Zenan, at Hadasa, at Migdal-gad; **38** at Dilan, at Mizra, at Jokteel; **39** Iakis, at Bozkai, at Eglon; **40** at Kabon, at Lahmam at Kitlis; **41** at Gederet, at Bet-dagon, at Naama, at

Makeda: labing anim na ciudad sampuo ng mga nayon ng mga yaon.

**42** Libna at Eter, at Asan; **43** at Ifta, at Asna, at Nezir; **44** at Keila, at Akzib, at Maresa; siam na ciudad sampuo ng mga nayon ng mga yaon.

**45** Ekron at ang mga bayan noon, at ang mga nayon noon: **46** mula sa Ekron hangang sa dagat *na malaki*, lahat na nasa siping ng Asdod sampuo ng mga nayon ng mga yaon.

**47** Asdod, ang mga bayan noon at ang mga nayon noon; Gaza, ang mga bayan noon at ang mga nayon noon; hangang sa batis ng Egipto, at ang malaking dagat at ang hanganan noon.

**48** At sa lupaing maburo, Samir, at Jatir, at Soko; **49** at Dana, at Kiriat-sana, (na siyang Debir): **50** at Anab, at Estemo, at Anim; **51** at Gosen, at Holon, at Gilo: labing isang ciudad sampuo ng mga nayon ng mga yaon.

**52** Arab at Duma, at Esan; **53** at Janim at Bet-tapua, at Afeka: **54** at Humta, at Kiriat-arba (na siyang Hebron), at Zior; siam na ciudad sampuo ng mga nayon ng mga yaon.

**55** Maon, Karmel, at Zif at Juta; **56** at Jezreel, at Jokdeam at Zanoa; **57** Kain, Gibeaa, at Timna: sumpuon ciudad sampuo ng mga nayon ng mga yaon.

**58** Halhul, Bet-zur, at Gedor; **59** at Maarat, at Bet-anot, at Eltekon; anim na ciudad sampuo ng mga nayon ng mga yaon.

**60** Kiriat-baal (na siyang Kiriat-jeirim), at Rabba: dalawang ciudad sampuo ng mga nayon ng mga yaon.

**61** Sa ilang; Bet-araba, Midin, at Sekaka; **62** at Nibsan, at ang Ciudad ng Asin, at En-gedi: anim na ciudad sampuo ng mga nayon ng mga yaon.

**63** At tungkol sa mga Jebuseo na tumatahan sa Jerusalem hindi napalayas ng mga anak ng Juda: kungdi ang mga Jebuseo ay tumahang kasama ng mga anak ng Juda sa Jerusalem hangang sa araw na ito.

**16** At ang kapalaran para sa mga anak ni Jose ay nagmumula sa Jordan sa Jeriko sa mga tubig ng Jeriko sa dakong silanganan, hangang sa ilang na sumampua mula sa Jeriko sa lupaing maburo sa Bet-el; **2** at lumalabas mula sa Bet-el na patungo sa Luz, at dumaraan sa hanganan ng mga Arkita na patungo sa Atarot; **3** at bumababa sa dakong kalu-

nuran sa hanganan ng mga Jafeteo, hangang sa hanganan ng Bet-horon sa ibaba, hangang sa Gezer: at ang mga labasan noon ay sa dagat. **4** At kinuha ang kanilang mana ng mga anak ni Jose, ni Manases, ni Efraim. **5** At ang hanganan ng mga anak ni Efraim ayon sa kanilang mga kamag-anakan *ay ito*: ang hanganan ng kanilang mana na ang dakong silanganan ay Atarot-adar, hangang Bet-horon sa itaas: **6** at ang hanganan ay lumalabas sa dakong kalumuran sa Mikmetat, sa hilagaan; at ang hanganan ay pumipihit sa dakong silanganan hangang sa Taanatsilo, at dumadaan sa silanganan ng Janoa: **7** at bumababa mula sa Janoa na patungo sa Atarot, at sa Naara, at umaabot hangang sa Jeriko, at lumalabas sa Jordan. **8** Mula sa Tapua ay tumutuloy ang hanganan sa dakong kalumuran sa batis ng Kana; at ang labasan noon ay sa dagat. Ito ang hanganan ng angkan ng mga anak ng Efraim ayon sa kanilang mga kamag-anakan: **9** kalakip ng mga ciudad na inihawalay para sa mga anak ni Efraim sa gitna ng mana ng mga anak ni Manases, lahat ng ciudad na kalakip ng mga nayon ng mga yaon. **10** At hindi nila pinalayas ang mga Kananeo na tumatahan sa Gezer: kungdi ang mga Kananeo ay tumahan sa gitna ng Efraim hangang sa araw na ito, at naging mga alipin na mang-aatag.

**17** At ito ang kapalaran para sa angkan ni Manases; sapagka't siya ang panganay ni Jose. Tungkol kay Makir na panganay ni Manases, na ama ni Gilead, sapagka't siya'y lalaking pangbaka, kaniyang nging tinankilik ang Gilead at Basan. **2** At ang kapalaran ay naging para sa nalabi sa mga anak ni Manases ayon sa kanilang mga kamag-anakan; para sa mga anak ni Abiezer, at para sa mga anak ni Helek, at para sa mga anak ni Asriel, at para sa mga anak ni Sekem, at para sa mga anak ni Hefer, at para sa mga anak ni Semida: ang mga ito ang mga anak na lalaki ni Manases na anak ni Jose, ayon sa kanilang mga kamag-anakan. **3** Ngunit si Zelofehad na anak ni Hefer, na anak ni Gilead na anak ni Makir, na anak ni Manases, hindi nagkaroon ng mga anak na lalaki, kungdi mga babaye: at ito ang mga pangalan ng kaniyang mga anak: Mahla at Noa, Hogla, Milka, at Tirza. **4** At sila'y lumapit sa harap ni Eleazar na sacerdote at sa harap ni Josue na anak ni Nun, at sa harap ng mga pa-

ngulo, na nagsabing: Iniyos ng PANGINOON kay Moises na bigyan kami ng mana sa gitna ng aming mga kapatid; kaya't ayon sa utos ng PANGINOON, ay binigyan niya sila ng mana sa gitna ng mga kapatid ng kanilang ama. **5** At nabulog ang sampuonang bahagi kay Manases, bukod sa lupain ng Gilead at ng Basan, na nasa dakong roon ng Jordan; **6** sapagkat ang mga anak na babaye ni Manases ay nagkaroon ng mana sa gitna ng kanilang mga anak; at ang lupain ng Gilead ay ukol sa labis ng mga anak ni Manases. **7** At ang hangganan ng Manases ay mula sa Aser hanggang sa Mikmetat, na nasa tapat ng Sekem; at ang hangganan ay tumutuloy sa kanan, hangang sa mga mananahan sa En-tapua. **8** Ang lupain ng Tapua ay ukol sa Manases. Ngunit ang Tapua sa hangganan ng Manases ay ukol sa mga anak ni Efraim. **9** At ang hangganan ay bumabata hangang sa batis ng Kana, na dakong timugan ng batis; ang mga ciudad na ito ay ukol sa Efraim sa gitna ng mga ciudad ni Manases; at ang hangganan ng Manases ay nasa dakong hilagaan ng batis, at ang labasan noon ay sa dagat; **10** ang dakong timugan ay ang sa Efraim, at ang dakong hilagaan ay ang sa Manases, at ang dagat ay hangganan noon; at dumaring sa Aser sa hilagaan at sa Isakar sa silanganan. **11** At tinatankilik ni Manases sa Isakar at sa Aser ang Bet-sean at ang mga nayon noon, at ang Ibleam at ang mga nayon noon, at ang mga mananahan sa Dor, at ang mga nayon noon, at ang mga mananahan sa En-dor at ang mga nayon noon, at ang mga mananahan sa Taanak at ang mga nayon noon, at ang mga mananahan sa Megido at ang mga nayon noon, ang tatlong kaitaasan. **12** Gayon ma'y hindi napalayas ng mga anak ni Manases ang mga mananahan sa mga ciudad na yaon; kungdi ang mga Kananeo ay tumahan sa lupaing yaon. **13** At nangyari, ng ang mga anak ng Israel ay lumakas, na kanilang inilagay ang mga Kananeo sa pag-aatag, at hindi nila lubos na pinalayas.

**14** At ang mga anak ni Jose ay nagsalita kay Josue, na nagsabing: ¶ Bakit ang ibinigay mo sa akin ay isang kapalaran at isang babagi lamang na pinakamana, sa bagay ay malaking bayan ako, sa paraang pinagpala ako hangang dito ng PANGINOON? **15** At sinabi ni Josue sa kanilang: Kung ikaw ay malaking bayan, sumampa ka sa gubat, at iyong malalawag

doon para sa iyong sarili ang lupain ng mga Perizeo at ng mga Refaita yamang ang lupaing maburot ng Efraim ay totoong makipot sa ganang iyo. **16** At sinabi ng mga anak ni Jose: Ang lupaing maburot ay hindi sakat sa ganang amin; at ang labac ng mga Kananeo na tumatahan sa lupain ng libis ay may mga karro na bakal, sila sa tumatahan sa Bet-sean at sa mga nayon noon, at gayon din sila sa nasa libis ng Jezreel. **17** At si Josue ay nagsalita sa bahay ni Jose, kay Efraim at kay Manases, na nagsabing: Ikaw ay malaking bayan, at may malaking kapangyarihan; hindi marapat sa iyo ang isang kapalaran lamang; **18** kungdi ang lupaing maburot ay magiging iyo, sapagkat bago man isang gubat ay iyong malalawag, at ang labasan noon ay magiging iyo; sapagkat iyong palalayasin ang mga Kananeo bago man sila'y may mga karro na bakal at bago man sila'y matibay.

**18** At ang boong kapulungan ng mga anak ng Israel ay nagpisan sa Silo, at itinayo ang dampa ng kapisanan doon; at ang lupain ay sumuko sa harap nila. **2** At nalabi sa mga anak ng Israel ay pitong angkan na hindi pa nababahagi ang kanilang mana. **3** At sinabi ni Josue sa mga anak ng Israel: ¶ Hangang kailan magpapakatamad kayo upang pumasok na arin ang lupain na ibinigay sa inyo ng PANGINOON, ng Dios ng inyong mga magulang? **4** Maghalal kayo sa inyo ng tatlong lalaki para sa bawat angkan; at aking mga susuguin, at sila'y habangon at lalakad sa lupain, at iguguhit ayon sa kanilang mana; at sila'y paroroon sa akin. **5** At kanilang babahagihin ng pitong bahagi: ang Juda ay tatahan sa hangganan noon sa dakong timugan, at ang bahay ng Jose ay tatahan sa kanilang hangganan sa dakong hilagaan. **6** At inyong iguguhit ang lupain ng pitong bahagi, at inyong dadalhin ang pagkaguhit dito sa akin; at aking pagsasapalarang-laro dito para sa inyo sa harap ng PANGINOON ating Dios. **7** Sapagkat ang mga Levita ay walang bahagi sa gitna ninyo; sapagkat ang pagkasacerdote sa PANGINOON ay kanilang mana; at ang Gad, at ang Ruben at ang kalahating angkan ng Manases ay tumanggap ng kanilang mana sa dako roon ng Jordan na dakong silanganan, na ibinigay sa kanila ni Moises na lingkod ng PANGINOON. **8** At ang mga lalaki ay bumangon at yumaon: at ibinilin sa kanila ni Josue na yumaong iguhit ang lu-

pain, na sinabing: Kayo'y yumaon at inyong lakarin ang lupain at inyong iguhit at bumalik kayo sa akin, at aking pagsasapalarang-laro para sa inyo dito sa harap ng PANGINOON sa Silo. **9** At ang mga lalaki ay yumaon at nilakad ang lupain, at iginuhit ayon sa mga ciudad na pitong bahagi sa isang libro, at sila'y naparoon kay Josue sa kampo sa Silo. **10** At pinagsapalarang-laro ni Josue para sa kanila sa Silo sa harap ng PANGINOON; at binalagi doon ni Josue ang lupain sa mga anak ng Israel ayon sa kanilang mga bahagi.

**11** At ang kapalaran ng angka ng mga anak ni Benjamin ay lumabas ayon sa kanilang mga kamag-anakan: at ang hanganan ng kanilang kapalaran ay lumalabas sa pag-itan ng mga anak ni Juda at ng mga anak ni Jose. **12** At ang kanilang hanganan sa hilagaang sulok ay mula sa Jordan: at ang hanganan ay sumasampa sa dako ng Jeriko sa hilagaan, at sumasampa sa lupaing maburot na dakong kalunuran; at ang labasan noon ay sa ilang ng Bet-haven. **13** At ang hanganan ay dumaraan mula roon hangang sa Luz, sa dako ng Luz (na siyang Bet-el), na dakong timugan; at ang hanganan ay bumababa sa Atarot-addar, sa tabi ng bundok na nakalatag sa timugan ng Bet-horon sa ibaba. **14** At ang hanganan ay tumutuloy at pumipihit sa kalunurang sulok na dakong timugan mula sa bundok na nakalatag sa harap ng Bet-horon na dakong timugan, at ang mga labasan noon ay sa Kiriath-baal (na siyang Kiriath-jearim), na ciudad ng mga anak ng Juda: ito ang kalunurang sulok. **15** At ang timugang sulok ay mula sa kahulihulihang bahagi ng Kiriath-jearim at ang hanganan ay lumalabas sa dakong kalunuran, at lumalabas sa bukal ng mga tubig ng Neftoa: **16** at ang hanganan ay bumaba sa kahulihulihang bahagi ng bundok na nakalatag sa harap ng libis ng anak ni Hinom, na nasa libis ng Refaim na dakong hilagaan; at bumubaba sa libis ni Hinom, sa dako ng Jebuseo na dakong timugan at bumababa sa En-rogel; **17** at tumutuloy sa hilagaan at lumalabas sa En-semes, at lumalabas sa Gellilot na nasa tapat ng sampahan sa Adumim; at bumababa sa bato ng Bohan na anak ni Ruben, **18** at dumadaan sa tagiliran na tapat ng Araba na dakong hilagaan, at bumubaba sa Araba; **19** at ang hanganan ay dumadaan sa tabi ng tapat ng Bet-hogla na da-

kong hilagaan, at ang labasan ng hanganan ay sa hilagaang dagatdagatan ng Dagat na Alat, sa timugang dulo ng Jordan: ito ang tinugang hanganan. **20** At ang Jordan ay hanganan noon sa silanganang sulok. Ito ang mana ng mga anak ni Benjamin ayon sa mga hanganan noon sa palibot, ayon sa kanilang mga kamag-anakan. **21** Ang mga ciudad nga ng angka ng mga anak ni Benjamin ayon sa kanilang mga kamag-anakan ay Jeriko, at Bet-hogla at Emek-keziz: **22** at Bet-araba at Zemaraim, at Bet-el; **23** at Avvim, at Para, at Ofra; **24** at Kefar-ammoni, at Ofni, at Geba; labing dalawang ciudad sampuo ng mga nayon ng mga yaon. **25** Gibeon at Rama at Beerot; **26** at Mizpe at Cefira, at Moza; **27** at Rekem, at Irpeel, at Tarala; **28** at Zela, Elef, at Jebus (na siyang Jerusalem) Gibeat at Kiriath; labing apat na ciudad sampuo ng mga nayon ng mga yaon. Ito ang mana ng mga anak ni Benjamin ayon sa kanilang mga kamag-anakan.

**19** At ang ikalawang kapalaran ay lumabas para kay Simeon, para sa angka ng mga anak ni Simeon ayon sa kanilang mga kamag-anakan: at ang kanilang mana ay nasa gitna ng mana ng mga anak ni Juda. **2** At kanilang tinamo na pinakamana ang Beer-seba, o Seba, at Molada; **3** at Hazar-sual, at Bala, at Ezem; **4** at Eltolad, at Betul at Horma; **5** at Ziklag, at Bet-markabot, at Hazar-susa; **6** at Bet-lebaot, at Saruhen: labing tatlong ciudad sampuo ng mga nayon noon: **7** Ayin, Rimon at Eter at Asan; apat na ciudad sampuo ng mga nayon noon: **8** at ang lahat na nayon na nasa palibot ng mga ciudad na ito hangang sa Baalat-beer, na Rama ng Timugan. Ito ang mana ng angka ng mga anak ni Simeon ayon sa kanilang mga kamag-anakan. **9** Mula sa bahagi ng mga anak ni Juda ang mana ng mga anak ni Simeon: sapagka't ang bahagi ng mga anak ni Juda ay totoong marami sa ganang kanila; kaya't ang mga anak ni Simeon ay nagkaroon ng mana sa gitna ng kanilang mana.

**10** At ang ikatlong kapalaran ay lumabas para sa mga anak ni Zebulon ayon sa kanilang mga kamag-anakan: at ang hanganan ng kanilang mana ay hangang sa Sarid: **11** at ang kanilang hanganan ay sumasampa sa dakong kalunuran sa Marala, at umaabot sa Dabeset, at umaabot sa batis na nasa harap ng Jokneam, **12** at

lumiliko mula sa Sarid sa dakong silanganan na dakong sinisikatan ng araw hangang sa hanganan ng Kislot-tabor, at lumalabas sa Daberat, at sumasampa sa Jafia; **13** at mula reon ay tumutuloy sa dakong silanganan sa Gat-hefer, sa Et-kazin; at lumalabas sa Rimmon na lumulual hangang sa Nea: **14** at ang hanganan ay pumipihit sa hilagaan na patungo sa Hanaton: at ang labasan noon ay sa libis ng Ifta-el; **15** at sa Katat at sa Nahalal at sa Simron, at sa Idala, at sa Bet-lehem: labing dalawang ciudad sampuo ng mga nayon ng mga yaon. **16** Ito ang mana ng mga anak ni Zebulon ayon sa kanilang mga kamag-anakan, ang mga ciudad na ito sampuo ng mga nayon ng mga ito.

**17** Ang ikaapat na kapalaran ay lumabas para sa kay Isakar, para sa mga anak ni Isakar ayon sa kanilang mga kamag-anakan. **18** At ang kanilang hanganan ay hangang sa Jezreel, at Kesulot at Suneu; **19** at Hafaraim, at Shion, at Anaharat: **20** at Rabbit at Kision at Ebez; **21** at Remet, at Enganim at Enhadu, at Bet-pazez; **22** at ang hanganan ay umaabot sa Tabor at Sahazuma, at sa Bet-semes; at ang mga labasan ng hanganan ng mga yaon ay sa Jordan: labing anim na ciudad sampuo ng mga nayon ng mga yaon. **23** Ito ang mana ng angkan ng mga anak ni Isakar ayon sa kanilang mga kamag-anakan, ang mga ciudad sampuo ng mga nayon ng mga yaon.

**24** At ang ikalimang kapalaran ay lumabas para sa angkan ng mga anak ni Aser ayon sa kanilang mga kamag-anakan. **25** At ang kanilang hanganan ay Helkat, at Hali at Beten, at Aksaf; **26** at Alamelek at Amad, at Misal, at umaabot sa Karmel na dakong kalunuran at sa Sihor-libnat; **27** at pumipihit sa dakong sinisikatan ng araw sa Bet-dagon, at umaabot sa Zebulon at sa libis ng Ifta-el na dakong hilagaan sa Bet-emek at Neiel; at lumalabas sa Kabul sa kaliwa, **28** at Ebron at Rehob, at Hammon, at Kana, hangang sa malaking Zidon; **29** at ang hanganan ay pumipihit sa Rama, at sa mga ciudad na nakukutaan ng Tiro; at ang hanganan ay pumipihit sa Hosa, at ang mga labasan noon ay sa dagat sa pamamag-itan ng lupain ni Akzib: **30** gayon din ang Uma, at Afek at Rehob: dalawang puot dalawang ciudad sampuo ng mga nayon ng mga yaon. **31** Ito ang mana ng angkan ng mga anak ni Aser

ayon sa kanilang mga kamag-anakan, ang mga ciudad na ito sampuo ng mga nayon ng mga ito.

**32** Ang ikaanim na kapalaran ay lumabas para sa mga anak ni Naftali, para sa mga anak ni Naftali ayon sa kanilang mga kamag-anakan. **33** At ang kanilang hanganan ay mula sa Hefer, mula sa encina sa Zaananim at sa Adami-nekeb at sa Jabneel, hangang sa Jakum; at ang mga labasan noon ay sa Jordan: **34** at ang hanganan ay pumipihit sa dakong kalunuran sa Aznot-tabor at lumalabas sa Hukok mula roon; at umaabot sa Zebulon sa timuga, at umaabot sa Aser sa kalunuran, at sa Juda sa Jordan na dakong sinisikatan ng araw. **35** At ang mga ciudad na nakukutaan ay Zidim, Zer, at Hammat, Rakkat, at Cinerot; **36** at Adama, at Rama at Hazer; **37** at Kedes at Edrei, at En-hazor: **38** at I-ron, at Miglal-el, Horeni, at Bet-anat, at Bet-semes: labing siam na mga ciudad sampuo ng mga nayon ng mga yaon. **39** Ito ang mana ng angkan ng mga anak ni Naftali ayon sa kanilang mga kamag-anakan, ang mga ciudad sampuo ng mga nayon ng mga yaon.

**40** Ang ikapitong kapalaran ay lumabas para sa angkan ng mga anak ni Dan ayon sa kanilang mga kamag-anakan. **41** At ang hanganan ng kanilang mana ay Zora, at Estaol, at Ir-semes; **42** at Saalubin at Avalon at Itia; **43** Elon at Timna at Ekron; **44** at Elteke, at Gibeton, at Baalat; **45** at Jehul, at Beneberak at Gat-rimon; **46** at Me-jarkon at Rakon sampuo ng hanganan sa tapat ng Joppa. **47** At ang hanganan ng mga anak ni Dan ay lumalabas sa dako roon nila: sapagka't ang mga anak ni Dan ay sumampa at bumaka laban sa Lesem, at sinakop at sinungatan ng talim ng tabak, at inari at tumahan doon, at tinawag ang Lesem na Dan, ayon sa pangalan ni Dan, ng kanilang ama. **48** Ito ang mana ng angkan ng mga anak ni Dan ayon sa kanilang mga kamag-anakan, ang mga ciudad na ito sampuo ng mga nayon ng mga ito.

**49** Gayon kanilang tinapos ang pagbabahagi ng lupain na pinakamana ayon sa mga banganan noon, at binigyan ng mga anak ng Israel ng mana si Josue na anak ni Nun sa gitna nila: **50** ayon sa utos ng PANGINOY ay kanilang ibinigay sa kaniya ang ciudad na kaniyang ibinigi, ang Timnat-sera sa lupaing maburot ng



Efrain: at kaniyang itinayo ang ciudad at tumahan doon.

51 Ito ang mga mana na binahagi ni Eleazar na sacerdote at ni Josue na anak ni Nun, at ng mga pangulo ng mga bahay ng mga magulang ng mga angkan ng mga anak ng Israel na pinakamana, sa pamamag-itan ng sapalarang-laro sa Silo sa harap ng PANGINOON sa pintuan ng dampa ng kapisanan. Gayon nila niwakasan ang pagbabahagi ng lupain.

**20** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Josue, na nagsabing: 2 Ikaw ay magsalita sa mga anak ng Israel, na magsabing: Inyong ihanda sa inyo ang mga ciudad na takbuhan, na aking sinalita sa inyo sa pamamag-itan ni Moises: 3 upang matakasan ng nakamatay na pumatay sa sino man na hindi sinasadya at hindi kusa: at mga magiging sa gauang inyo ay takbuhan laban sa manghibiganti sa dugo. 4 At siya'y tatakas sa isa sa mga ciudad na yaon, at tatayo sa pasukan ng pintuang-daan ng ciudad, at magsaysay sa mga pakinig ng mga matanda sa ciudad na yaon; at kanilang kukunin siya sa ciudad na ipagsasama nila, at bibigyan nila siya ng isang lugar, upang siya'y tumahan sa gitna nila. 5 At kung siya'y habulin ng manghibiganti sa dugo, hindi nga nila ibibigay ang nakamatay sa kaniyang kamay; sapagka't kaniyang pinatay ang kaniyang kapua ng hindi sinasadya, at hindi niya kinapootan ng una. 6 At siya'y tatalan sa ciudad na yaon, hangang sa siya'y tumayo sa harap ng kapulungan para sa kabatulan hangang sa pagkamatay ng dakilang sacerdote, na nalalagay sa mga araw na yaon: kung magkagayo'y uwi ang nakamatay at paporoon sa kaniyang sariling ciudad at sa kaniyang sariling bahay, hangang sa ciudad na pinagmulan niyang tinakasan. 7 At kanilang inilagay na hiwalay ang Kedes sa Galilea, sa lupaing maburot ng Naftali, at ang Sekem sa lupaing maburot ng Efrain at ang Kiriath-arba (na siyang Hebron) sa lupaing maburot ng Juda. 8 At sa dako roon ng Jordan sa Jeriko na dakong silanganan, kaniyang itinalaga ang Bezer sa ilang sa kapatagan, mula sa angkan ni Ruben, at ang Ramot sa Gilead na mula sa angkan ni Gad, at ang Golan sa Basan na mula sa angkan ni Manases 9 Ito ang mga itinalagang ciudad para sa lahat ng anak ng Israel, at para sa taga ibang lupa na tumatahan sa gitna nila, na sino mang nakamatay ng sino mang tawo,

na hindi sinasadya, makatakas doon, at huag mapatay ng kamay ng manghibiganti sa dugo, hangang hindi nabaharap sa kapulungan.

**21** Ng magkagayo'y lumapit ang mga pangulo ng mga bahay ng mga magulang ng mga Levita kay Eleazar na sacerdote, at kay Josue na anak ni Nun, at sa mga pangulo ng mga bahay ng mga magulang ng mga angkan ng mga anak ni Israel; 2 at sila'y nagsalita sa kanila sa Silo, sa lupain ng Kanaan, na sinabing: Ang PANGINOON ay nag-utos sa pamamag-itan ni Moises, na bigyan kami ng mga ciudad na matatahanan, sampuo ng mga nayon noon para sa aming hayop. 3 At ang mga anak ni Israel ay nagbigay sa mga Levita, sa kanilang mana ayon sa utos ng PANGINOON, ng mga ciudad na ito sampuo ng mga nayon ng mga ito.

4 At ang kapalaran ay lumabas para sa mga kamag-anakan ng mga Koatita; at ang mga anak ni Aaron na sacerdote, na sa mga Levita, sa pamamag-itan ng sapalaran ay nagtamo sa angkan ng Juda, at sa angkan ng mga Simeonita at sa angkan ni Benjamin, ng labing tatlong ciudad.

5 At ang nalabi sa mga anak ni Koat ay nagtamo sa pamamag-itan ng sapalaran sa mga kamag-anakan ng angkan ni Efrain, at sa angkan ni Dan at sa kalahating angkan ni Manases, ng sampuon ciudad.

6 At ang mga anak ni Gerson ay nagtamo sa pamamag-itan ng sapalaran sa mga kamag-anakan ng angkan ni Isakar, at sa angkan ni Aser, at sa angkan ni Naftali, at sa kalahating angkan ni Manases, sa Basan, ng labing tatlong ciudad.

7 Ang mga anak ni Merari ayon sa kanilang mga kamag-anakan ay nagtamo sa angkan ni Ruben, at sa angkan ni Gad, at sa angkan ni Zebulon, ng labing dalawang ciudad.

8 At ibinigay ng mga anak ng Israel sa mga Levita sa pamamag-itan ng sapalaran laro ang mga ciudad na ito sampuo ng mga nayong ito, gaya ng inintos ng PANGINOON sa pamamag-itan ni Moises.

9 At sila'y nagbigay sa angkan ng mga anak ni Juda at sa angkan ng mga anak ni Simeon ng mga ciudad na ito na nababangit sa pangalan: 10 at mga para sa mga anak ni Aaron sa mga kamag-anakan ng mga Koatita, na sa mga anak ni Levi: sapagka't sa kanila ang unang kapalaran. 11 At ibinigay nila sa kanila ang Kiriath-arba, na siyang Arba na ama ni Anak (na siya ring Hebron) sa lupaing

maburot ng Juda, sampuo ng mga nayon noon sa palibot. **12** Ngunit ang mga parang ng mga ciudad, at ang mga nayon noon, ibinigay nila kay Kaleb na anak ni Josue na pinakaari niya.

**13** At sa mga anak ni Aaron na sacerdote ay ibinigay nila ang Hebron sampuo ng mga nayon noon, ang ciudad na takbuhan para sa nakamatay, at ang Libna sampuo ng mga nayon noon. **14** At ang Jatir sampuo ng mga nayon noon, at ang Estemo, sampuo ng mga nayon noon; **15** at ang Holon sampuo ng mga nayon noon, at ang Debir sampuo ng mga nayon noon; **16** at ang Ayin sampuo ng mga nayon noon, at ang Jata sampuo ng mga nayon noon, at ang Bet-senes sampuo ng mga nayon noon; siam na ciudad sa dalawang angkang yaon. **17** At sa angkan ni Benjamin ang Gibeon sampuo ng mga nayon noon, ang Geba sampuo ng mga nayon noon; **18** ang Anat sampuo ng mga nayon noon at ang Almon sampuo ng mga nayon noon; apat na ciudad. **19** Lahat ng mga ciudad ng mga anak ni Aaron na sacerdote ay labing tatlong ciudad sampuo ng mga nayon ng mga yaon.

**20** At ang mga kamag-anakan ng mga anak ni Koat, na mga Levita, ang nalabi sa mga anak ni Koat, kanilang tinamo ang mga ciudad na kanilang kapalaran sa angkan ni Efraim. **21** At ibinigay nila sa kanila ang Sekem sampuo ng mga nayon, sa lupaing maburot ng Efraim, na ciudad na takbuhan para sa nakamatay, at ang Gezer sampuo ng mga nayon noon; **22** at ang Kibzaim sampuo ng mga nayon noon, at ang Beth-elon sampuo ng mga nayon noon; apat na ciudad. **23** At sa angkan ni Dan, ang Elteke sampuo ng mga nayon noon, ang Gibeon sampuo ng mga nayon noon; **24** ang Ayalon sampuo ng mga nayon noon, ang Gat-rimon sampuo ng mga nayon noon; apat na ciudad. **25** At sa kalahating angkan ni Manases, ang Taanak sampuo ng mga nayon noon; at ang Gat-rimon sampuo ng mga nayon noon; dalawang ciudad. **26** Lahat na ciudad sa mga kamag-anakan sa nalabi sa mga anak ni Koat ay sampuo, na kalakip ang mga nayon noon.

**27** At sa mga anak ni Gerson, sa mga kamag-anakan ng mga Levita, ibinigay sa kanila sa kalahating angkan ni Manases ang Golan sa Basan sampuo ng mga nayon noon, ang ciudad na takbuhan para sa nakamatay; at ang Be-es-tera sampuo ng

mga nayon noon; dalawang ciudad. **28** At sa angkan ni Isakar ang Kition sampuo ng mga nayon noon, ang Deberat sampuo ng mga nayon noon; **29** ang Jarmut sampuo ng mga nayon noon, ang Engannim sampuo ng mga nayon noon; apat na ciudad. **30** At sa angkan ni Aser, ang Misal sampuo ng mga nayon noon, ang Abdon sampuo ng mga nayon noon; **31** ang Helkat sampuo ng mga nayon noon, ang Rehob sampuo ng mga nayon noon; apat na ciudad. **32** At sa angkan ni Naftali ang ciudad na takbuhan para sa nakamatay, ang Kedes sa Galilea sampuo ng mga nayon noon, ang Hametdor sampuo ng mga nayon noon, at ang Kartan sampuo ng mga nayon noon; tatlong ciudad. **33** Lahat na ciudad ng mga Gersonita ayon sa kanilang mga kamag-anakan ay labing tatlong ciudad sampuo ng mga nayon ng mga yaon.

**34** At sa mga kamag-anakan ng mga anak ni Merari, na nalabi sa mga Levita, sa angkan ni Zebulon, ang Jokkeam sampuo ng mga nayon noon, at ang Karta sampuo ng mga nayon noon, **35** ang Dimna sampuo ng mga nayon noon, ang Nahalal sampuo ng mga nayon noon; apat na ciudad. **36** At sa angkan ni Ruben, ang Bezer sampuo ng mga nayon noon, at ang Jahaz sampuo ng mga nayon noon, **37** ang Kedemot sampuo ng mga nayon noon at ang Mefaat sampuo ng mga nayon noon; apat na ciudad. **38** At sa angkan ni Gad ang ciudad na takbuhan para sa nakamatay, ang Ramot sa Gilead sampuo ng mga nayon noon, ang Mahanaim sampuo ng mga nayon noon; **39** ang Hesbon sampuo ng mga nayon noon, at ang Jazer sampuo ng mga nayon noon; apat na ciudad sa lahat. **40** Lahat ng ito ay mga ciudad ng mga anak ni Merari ayon sa kanilang mga kamag-anakan, ang nalabi sa mga kamag-anakan ng mga Levita; at ang kanilang kapalaran ay labing dalawang ciudad.

**41** Lahat na ciudad ng mga Levita sa gitna ng mga pag-aari ng mga anak ng Israel ay apat na pu't walong ciudad sampuo ng mga nayon ng mga yaon. **42** Ang mga ciudad na ito ay kalakip bawat isa ng mga nayon nito sa palibot ng mga yaon: gayon sa lahat ng mga ciudad na ito.

**43** Sa gayoly ibinigay ng PANGINOON sa Israel ang buong lupaing na kaniyang isinumpa na ibigay sa kanilang mga magulang: at kanilang inari at tanahang

doon. **44** At binigyan sila ng kapahingahan ng PANGINOON sa palibot, ayon sa lahat ng kaniyang isinumpa sa kanilang mga magulang : at walang tumayong isang lalaki sa lahat ng kanilang kaaway sa harap nila ; ibinigay ng PANGINOON ang lahat nilang mga kaaway sa kanilang kamay. **45** Walang nagkulang na isang mabuting bagay na sinalita ng PANGINOON sa bahay ng Israel ; lahat ay nangyari.

**22** Tinawag nga ni Josue ang mga Rubenita, at ang mga Gadita, at ang kalahating angkan ni Manases, **2** at sinabi sa kanilang : Inyong iningatan ang lahat na iniutos sa inyo ni Moises na lingkod ng PANGINOON, at inyong dininig ang aking woces sa lahat na aking iniutos sa inyo : **3** hindi ninyo iniwan ang inyong mga kapatid na malaong panahon hangang sa araw na ito, kungdi inyong iningatan ang bilin ng utos ng PANGINOON inyong Dios. **4** At ngayoy binigyan kayo ng kapahingahan ng PANGINOON inyong Dios sa inyong mga kapatid, gaya ng sinalita niya sa kanila : kaya't ngayoy pumiliit kayo at kayoy masak sa inyong mga dampa sa lupain na inyong ari, na ibinigay sa inyo ni Moises na lingkod ng PANGINOON sa dako roon ng Jordan. **5** Inyo lamang ingatang mainam na gawin ang utos, at ang kautusan na iniutos sa inyo ni Moises na lingkod ng PANGINOON, na ibigin ang PANGINOON inyong Dios, at lomakad sa lahat niyang daan, at ingatan ang kaniyang utos, at lumakip sa kaniya, at maglingkod sa kaniya ng boong inyong puso at ng boong inyong kalulua. **6** Gayon sila binasbasan ni Josue at pinagpaalam sila : at sila'y umowi sa kanilang mga dampa.

**7** Ibinigay nga ni Moises sa kalahating angkan ni Manases ang mana sa Basan ; ngunit ang kalahating angkan ay binigyan ni Josue sa gitna ng kanilang mga kapatid sa dako roon ng Jordan na dakong kalunuran. Bukod dito'y ng pagpaalam sila ni Josue na pauwiin sa kanilang mga dampa, binasbasan sila, **8** at sinalita sa kanila, na sinabing : Kayoy bumalik na may maraming kayamanan sa inyong mga dampa, at may maraming hayop, may pilak at may giuto at may tanso, at may bakal, at may maraming kasotan : kayoy magbahagi sa inyong mga kapatid ng samsam sa inyong mga kaaway.

**9** At ang mga anak ni Ruben, at ang mga anak ni Gad, at ang kalahating angkan ni Manases ay nagbalik na humiwalay

lay sa mga anak ng Israel mula sa Silo, na nasa lupain ng Kanaan, upang pumaron sa lupain ng Gilead, sa lupain na kanilang ari na kanilang inari, ayon sa utos ng PANGINOON, sa pamamag-itan ni Moises. **10** At ng sila'y dumating sa may lupain ng Jordan, na nasa lupain ng Kanaan, ang mga anak ni Ruben at ang mga anak ni Gad, at ang kalahating angkan ni Manases ay nagtayo roon ng altar sa tabi ng Jordan, isang malaking altar na matatanaw. **11** At narinig ng mga anak ng Israel, na sinabing : Narito, ang mga anak ni Ruben, ang mga anak ni Gad, at ang kalahating angkan ni Manases ay nagtayo ng isang altar sa tapat ng lupain ng Kanaan, sa may lupain ng Jordan, sa dako na nauukol sa mga anak ng Israel. **12** At ng marinig ng mga anak ng Israel, ang boong kapulungan ng mga anak ng Israel ay nagpipisan sa Silo, upang sumampa laban sa kanila na bumaka.

**13** At sinugo ng mga anak ng Israel sa mga anak ni Ruben, at sa mga anak ni Gad, at sa kalahating angkan ni Manases, sa lupain ng Gilead, si Fineas na anak ni Eleazar na sacerdote ; **14** at kasama niya ay sampuon pangulo, na isang pangulo sa bahay ng mga magulang sa baw't isa sa mga angkan ng Israel ; at baw't isa sa kanila'y pangulo sa mga bahay ng kanilang mga magulang sa mga libelibo sa Israel. **15** At sila'y naparoon sa mga anak ni Ruben, at sa mga anak ni Gad, at sa kalahating angkan ni Manases sa lupain ng Gilead, at sinalita nila sa kanila, na sinabing : **16** Ganito ang sabi ng boong kapulungan ng PANGINOON : **1** Anong pagsalangsang ito na inyong kinamit laban sa Dios ng Israel, na humiwalay sa araw na ito sa pagsunod sa PANGINOON, sa inyong pagtatayo sa inyo ng isang altar, upang manhimag'ik sa araw na ito laban sa PANGINOON ? **17** **2** Napakaliit ba sa ganang atin ang kasaman ng Peor, na hindi natin nilinis hangang sa araw na ito, baga man dumating ang salot sa kapulungan ng PANGINOON, **18** upang kayoy humiwalay sa araw na ito sa pagsunod sa PANGINOON ? at mangyayari, sa paraang kayoy manghikimagsik ngayon laban sa PANGINOON, na siya'y mag-iinit bukas sa boong kapulungan ng Israel. **19** Gayon man, kung ang lupain na inyong ari ay maging marumi, lumipat nga kayo sa lupain na ari ng PANGINOON na kinatahanan ng tabernakulo ng PANGINOON.

at kumula kayo ng ari sa gitna natin: ngunit huag kayong manghimagsik laban sa PANGINOON, o manghimagsik man laban sa amin, sa pagtatayo ng isang altar bukod sa altar ng PANGINOONG ating Dios. 20; Hindi ba si Akan na anak ni Zera ay nagkamit ng pagsalangsang sa itinalagang bagay, at ang pag-linit ay nahulog sa boong kapulungan ng Israel? at ang tawong yaon ay hindi namatay na mag-isa sa kaniyang kasam-an.

21 Ng magkagayo'y sumagot ang mga anak ni Ruben, at ang mga anak ni Gad, at ang kalahadig angkan ni Manases, at nagsalita sa mga pangulo ng mga libolibo sa Israel, na: 22 Ang PANGINOON, ang Dios ng mga dios, ang PANGINOON, ang Dios ng mga dios ay nakatatalastas, at matatalastas ng Israel; kung panghihimagsik nga o kung pag-alangang laban sa PANGINOON, (huag mo kaming iligtas sa araw na ito,) 23 na kami ay nagtayo sa amin ng isang altar upang humiwalay sa pagsunod sa PANGINOON; o kung paghandugan ng mga handog na susunugin o ng handog na harina, o kung paghandugan ng mga hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan, siyasatin nga ng PANGINOON; 24 at kung hindi namim ginawang maingat ito, at inakala, na sabihing: Marahil sa panahong darating ay masasalita ng inyong mga anak sa aming mga anak, na sasabihing: Anong ipakikialam ninyo sa PANGINOON, sa Dios ng Israel? 25 sapagka't ginawang hanganan ng PANGINOON ang Jordan sa pagitan namin at ninyo, ninyong mga anak ni Ruben at mga anak ni Gad; kayo'y walang bahagi sa PANGINOON: sa gayo'y patitigilin ng inyong mga anak ang aming mga anak sa pagkatakot sa PANGINOON. 26 Kaya't aming sinabing: Tayo'y maghanda na magtayo sa atin ng isang altar, hindi para sa handog na susunugin, o para sa hayin man: 27 kungdi magiging saksi sa pag-itan namin at ninyo, at sa pag-itan ng ating mga lahi pagkamatapatin, upang aming magawa ang pagtitingkod sa PANGINOON sa harap niya ng aming mga handog na susunugin at ng aming mga hayin at ng aming mga handog tungkol sa kapayapaan; upang huag masabi ng iyong mga anak sa aming mga anak sa panahong darating: Kayo'y walang bahagi sa PANGINOON. 28 Kaya't sinabi naming: Mangyayari pagka kanilang sasabihing gayon sa amin o sa aming lahi sa panahong darating, na aming sasabi-

hing: Narito, ang salin ng altar ng PANGINOON na ginawa ng aming mga magulang, hindi para sa handog na susunugin o para sa hayin man: kungdi isang saksi sa pag-itan namin at ninyo. 29 Huag itulot ng Dios na kami ay manghihimagsik laban sa PANGINOON, at humiwalay sa araw na ito sa pagsunod sa PANGINOON sa pagtatayo ng isang altar para sa handog na susunugin, para sa handog na harina o para sa hayin bukod sa altar ng PANGINOONG ating Dios na nasa harap ng kaniyang tabernakulo.

30 At ng marinig ni Fineas na sacerdote, at ng mga pangulo ng kapulungan na mga pangulo ng mga libolibo ng Israel na kasama niya, ang mga salita na sinalita ng mga anak ni Ruben, at ng mga anak ni Gad, at ng mga anak ni Manases, nakalugod na mabuti sa kanila. 31 At sinabi ni Fineas na anak ni Eleazar na sacerdote sa mga anak ni Ruben, at sa mga anak ni Gad at sa mga anak ni Manases: Sa araw na ito ay talastas namin, na ang PANGINOON ay nasa gitna natin, sapagka't kayo'y hindi nagkamit ng pagsalangsang na ito laban sa PANGINOON: inyo ngang iniligtas ang mga anak ng Israel sa kamay ng PANGINOON. 32 At si Fineas na anak ni Eleazar na sacerdote at ang mga pangulo, nagbalik na mula sa mga anak ni Ruben, at mula sa mga anak ni Gad, sa lupain ng Gilead na tumungo sa lupain ng Kanaan, sa mga anak ng Israel, at nagbalik sila ng salita. 33 At ang bagay ay nakalugod sa mga anak ng Israel; at pinuri ng mga anak ng Israel ang Dios at hindi na nagsalita pa ng pagsampa laban sa kanila na bumaka na gibain ang lupain na kinatahanan ng mga anak ni Ruben at ng mga anak ni Gad. 34 At tinawag ng mga anak ni Ruben at ng mga anak ni Gad ang altar na Ed: Sapagka't, wika nila, saksi sa pagitan natin, na ang PANGINOON ay Dios.

23 At nangyari pagkaraan ng mararaming araw, ng mabigyang ng PANGINOON ng kapahingahan ang Israel sa lahat nilang mga kaaway sa palibot, at si Josue ay matanda na at puspos ng mga taon: 2 na tinawag ni Josue ang boong Israel, ang kanilang mga matanda, at ang kanilang mga pangulo, at ang kanilang mga hukom at ang kanilang mga ofisial, at nagsabi sa kanilang: Ako'y matanda at puspos ng mga taon: 3 at inyong nakita ang lahat na ginawa ng PANGINOONG inyong Dios sa lahat ng mga nacióng

ito dahil sa inyo; sapagka't ng PANGINOONG inyong Dios, siyang bumaka dahil sa inyo. 4 Narito, aking binahagisa sa inyo ang mga nacióng ito na nalabi, upang maging mana para sa inyong mga angkán, mula sa Jordan sampuo ng lahat na nacióng na aking inihwalay, hangang sa malaking dagat na dakong nilulubugan ng araw. 5 At itataboy sila ng PANGINOONG inyong Dios sa harap ninyo, at palalaysin sila sa inyong paningín, at inyong aariin ang kanilang lupain gaya ng sinalita ng PANGINOONG inyong Dios sa inyo. 6 Kayat' kayo'y magpakatapang na mabuti na ingatan at gawin ang lahat na nakasulat sa libro ng kautusan ni Moises, na huag kayong lumiko sa kanan, o sa kaliwa; 7 upang huag kayong masok sa mga nacióng ito, sa mga ito na nalalabi sa gitna ninyo; huag din ninyong bangitin ang pangalan ng kanilang mga dios o magpasumpa man sa pangalan ng mga yaon, o maglingkod man sa mga yaon: 8 kungdi kayo'y lumakip sa PANGINOONG inyong Dios gaya ng inyong ginawa hangang sa araw na ito. 9 Sapagka't pinalayas ng PANGINOON sa harap ninyo ang mga malaking nacióng at malakas: ngunit tungkol sa inyo, walang tawo na tumayo sa harap ninyo hangang sa araw na ito. 10 Isang lalaki sa inyo ay hahabol sa isang libo: sapagka't ibinabaka kayo ng PANGINOONG inyong Dios, gaya ng sinalita niya sa inyo. 11 Magpakaingat nga kayong mabuti sa inyong sarili, na inyong ibigin ang PANGINOONG inyong Dios. 12 Kung inyo ngang tatalikuran sa ano mang paraan at lalakup sa nalabi sa mga nacióng ito, sa mga ito na nalabi sa gitna ninyo, at kayo'y mag-aasawa sa kanila, at kayo'y lalakup sa kanila, at sila sa inyo: 13 talastasin ninyong lubos na hindi na palalaysin ng PANGINOONG inyong Dios ang mga nacióng ito sa inyong paningín: kungdi sila'y magiging silo at lalang sa inyo, at pamalo sa inyong tabi at mga tinik sa inyong paningín hangang sa kayo'y malipol dito sa mabuting lupain na ibinigay sa inyo ng Panginoong inyong Dios. 14 At, narito, sa araw na ito ay yamayaon ako sa lakad ng boong lupa: at inyong talastast sa inyong boong puso at sa inyong boong kalulua na bagang bagay na nagkulang sa lahat na bagay na sinalita ng PANGINOONG inyong Dios tungkol sa inyo, lahat ay nangyari sa inyo, wala kahi't isang bagay na nag-

kulang. 15 At mangyayari, na kung paanong ang lahat na mabuting bagay ay nangyari sa inyo na sinalita sa inyo ng PANGINOONG inyong Dios, gayon dadalhin ng PANGINOON sa inyo ang lahat na masamang bagay, hangang sa kayo'y malipol niya dito sa mabuting lupain na ibinigay sa inyo ng PANGINOONG inyong Dios. 16 Pagka inyong si nalangsang ang tipan ng PANGINOONG inyong Dios, na kaniyang iniutos sa inyo, at yumaon at naglingkod sa ibang mga dios at yumukod sa mga yaon; ang galit nga ng PANGINOON ay mag-aalab laban sa inyo, at kayo'y malilipol na madali dito sa mabuting lupain na kaniyang ibinigay sa inyo.

**24** At pinisan ni Josue ang lahat ng angkán ng Israel sa Sekem, at tinawag ang lahat ng matanda ng Israel at ang kanilang mga pangulo, at ang kanilang mga hukóm, at ang kanilang mga puno; at sila'y nagsiharap sa Dios. 2 At sinabi ni Josue sa boong bayang: Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel: Ang inyong mga magulang ay tumahan ng upang panahon sa dako roon ng Ilog, si Tera na ama ni Abraham at ama ni Nahor: at sila'y naglingkod sa ibang mga dios. 3 At kinuha ko ang inyong amang si Abraham mula sa dako roon ng Ilog at pinatnubayan ko siya sa boon lupain ng Kanaan, at pinarami ko ang kaniyang bichi at ibinigay ko sa kaniya si Isak. 4 At ibinigay ko kay Isak si Jakob at si Esau: at ibinigay ko kay Esau ang bundok ng Seir upang ariin; at si Jakob at ang kaniyang mga anak ay bumabang nasok sa Egipto. 5 At aking sinugo si Moises at si Aaron, at sinalot ko ang Egipto ayon sa aking ginawa sa gitna noon: at pagkatapos ay inilabas ko kayo. 6 At inilabas ko ang inyong mga magulang sa Egipto: at kayo'y napaaron sa dagat; at hinabol ng mga taga Egipto ang inyong mga magulang, ng mga karro at ng mga nangangabayo hangang sa Dagat na Mapula. 7 At ng sila'y dumaing sa PANGINOON, nilagyan niya ng kadiliman ang pagitan ninyo at ang mga taga Egipto, at itinabon ang dagat sa kanila, at tinakpan sila; at nakita ng inyong mga mata kung ano ang aking ginawa sa Egipto at kayo'y tumahan sa ilang na malaon. 8 At ipinasok ko kayo sa lupain ng mga Amorreo, na tumatahan sa dako roon ng Jordan; at sila'y bumaka sa inyo: at ibinigay ko sila

sa inyong kamay, at inyong inari ang kanilang lupain, at nilipol ko sila sa harap ninyo. **9** Ng magtagayo'y bumangon si Balak na anak ni Zippor at bumaka laban sa Israel; at siya'y nagsugo at tinawag si Balaam na anak ni Beer, upang sumapai kayo: **10** ngunit hindi ko dininig si Balaam; kaya't binasbasan nga niya kayo; gayon iniligtas ko kayo sa kaniyang kamay. **11** At kayo'y dumaaan ng Jordan at dumating sa Jeriko: at ang mga tawo sa Jeriko ay bumaka laban sa inyo, ang Amorreo at ang Perezee, at ang Kananeo at ang Heteo, at ang Gergeseo, ang Iyveo at ang Jebuseo, at ibinigay ko sila sa inyong kamay. **12** At sinugo ko ang malaking bubuyog sa umahan ninyo, na siyang nagtaboy sa kanila sa harap ninyo, sa makatuid baga'y sa dalawang hari ng mga Amorreo: hindi sa pamamagitan ng iyong tabak, o ng iyong bosog man. **13** At aking bininyang kayo ng lupain na hindi ninyo binukid, at ng mga ciudad na hindi ninyo itinayo, at inyong tinatahanan; at mga urasan at mga olivahan na hindi ninyo itinanin ay inyong kinakain. **14** Ngayon nga ay matakot kayo sa PANGINOON, at paglinkuran ninyo siya sa pagtatapat at sa katotohanan: at inyong alisin ang mga dios na mga pinaglinkuran ng inyong mga magulang sa dako roon ng Hlog, o ang Egipto; at inyong paglinkuran ang PANGINOON. **15** At kung inaakala ninyong masama na maglingkod sa PANGINOON, piliin ninyo sa araw na ito kung sino ang inyong paghilingkuran; kung ang mga dios ng inyong mga magulang na pinaglinkuran sa dako roon ng Hlog, o ang dios ng mga Amorreo na ang lupain ay inyong tinatahanan: ngunit sa ganang akin at ng aking bahay kami ay maghilingkod sa PANGINOON. **16** At ang bayan ay sumagot at nagsabing: Huag itulot ng Dios na aming pabayaan ang PANGINOON sa paghilingkod sa ibang mga dios; **17** sapagka't ang PANGINOONG ating Dios siyang nagsampa sa atin at sa ating mga magulang mula sa lupain ng Egipto mula sa bahay ng pagkaalipin, at siyang gumawa ng mga dakilang tandang yaon sa ating paninagin, at iningatan tayo sa lahat ng daan na ating pinarunan, at sa gitna ng lahat na bayan na ating dinamaan: **18** at itinaboy ng PANGINOON sa harap natin ang lahat na bayan, ang mga Amorreo na tumahan sa lupain: kaya't kami ay maghilingkod din sa PANGINOON; sapagka't

siya'y ating Dios. **19** At sinabi ni Josue sa bayang: Kayo'y hindi makapaghilingkod sa PANGINOON, sapagka't siya'y isang santong Dios; siya'y mapanibughang Dios; hindi niya ipatatawad ang inyong pagsalangsang o ang inyong mga kasalanan man. **20** Kung inyong pabayaan ang PANGINOON, at maglingkod sa mga ibang dios, siya nga'y hihiwalay at gagawan kayo ng kasam-an at lilipulin kayo pagkatapos na kaniyang nagawan kayo ng mabuti. **21** At sinabi ng bayan kay Josue; Hindi, kungdi kami ay maghilingkod sa PANGINOON. **22** At sinabi ni Josue sa bayang: Kayo'y mga saksi laban sa inyong sarili na inyong pinili sa inyo ang PANGINOON, upang paglinkuran siya. At sinabi nilang: Kami ay mga saksi. **23** Ngayon nga'y alisin ninyo, *sabi ni Josue* ang mga ibang dios na nasa gitna ninyo at ikiling ninyo ang inyong puso sa PANGINOON na Dios ng Israel. **24** At sinabi ng bayan kay Josue: Ang PANGINOONG ating Dios ay aming paghilingkuran, at ang kaniyang voces ay aming didingin. **25** Sa gayo'y nakipagtipan si Josue sa bayan ng araw na yaon, at nilagdaan niya sila ng palatuntunan at ng ayos sa Sekem.

**26** At sinulat ni Josue ang mga salitang ito sa libro ng kautusan ng Dios; at siya'y kumuha ng malaking bato, at inilagay sa ilalim ng encina na nasa tabi ng santuario ng PANGINOON. **27** At sinabi ni Josue sa boong bayang: Narito, ang batong ito ay magiging saksi laban sa atin, sapagka't narinig nito ang lahat na salita ng PANGINOON, na kaniyang sinalita sa atin: ito nga'y magiging saksi laban sa inyo, baka inyong itakuil ang inyong Dios. **28** Sa gayo'y pinagpaalam ni Josue ang bayan, bawala't isa sa kaniyang mana.

**29** At nangyari, pagkatapos ng mga bagay na ito, na si Josue, na anak ni Nun na linkod ng PANGINOON, namatay na may isang daan at sampuonng taon ang gulang. **30** At inilibing nila siya sa hangganan ng kaniyang mana sa Timnat-sera, na nasa lupaing maburot ng Efraim sa hilagaan ng bundok ng Gaas. **31** At naglingkod ang Israel sa PANGINOON sa lahat ng araw ni Josue, at sa lahat ng araw ng mga matanda na kinamatayan ni Josue at nakilala ang lahat na gawa ng PANGINOON, na kaniyang ginawa sa Israel. **32** At ang mga buto ni Jose, na isinampa ng Israel mula sa Egipto, inilibing nila sa Sekem, sa piraso ng lupa na binili ni Jakob sa mga anak ni Hamor na ama ni

Sekem ng isang daang pirasong salapi: at mga naging mana ng mga anak ni Jose. 33 At namatay si Eleazar na anak ni Aaron, at inilibing nila siya sa burol ni Fineas na kaniyang anak na nabigay sa kaniya sa lupaing maburok ng Efraim.

## ANG

## LIBRO NG MĀA HUKOM.

1 At nangyari, pagkamatay ni Josue, na itinanong ng mga anak ng Israel sa PANGINOON, na sinabing, ¿Sino, ang unang sasampa sa amin laban sa mga Kananeo, upang bumaka sa kanila? 2 At sinabi ng PANGINOON: Si Juda ang sasampa: narito't aking ibinigay ang lupain sa kaniyang kamay. 3 At sinabi ni Juda kay Simeong kaniyang kapatid: Sumampa kang kasama ko sa aking kapalaran, upang ating bakahin ang Kananeo; at ako nama'y sasama sa iyong kapalaran. Sa gayo'y yumaon si Simeong kasama niya. 4 At sumampa si Juda; at ibinigay ng PANGINOON ang Kananeo, at ang Perezoo sa kanilang kamay: at ang mga sinugatan nila sa Bezek ay sampuon libong lalaki. 5 At kanilang nasumpungan si Adoni-bezek sa Bezek: at sila'y bumaka sa kaniya, at kanilang sinugatan ang Kananeo at ang Perezoo. 6 Nguni't tumakas si Adoni-bezek; at kanilang sinundan siya, at hinli siya, at pinutol nila ang kaniyang mga daliring hinlalaki ng kamay at ng paa. 7 At sinabi ni Adoni-bezek: Pitong puong hari, na mga may putol ng kanilang mga hinlalaki sa kamay at sa paa ay namulot ng kanilang pagkain sa ilalim ng aking dulang: kung paano ang aking ginawa ay gayon ako ginanti ng Dios. At dinala nila siya sa Jerusalem, at siya'y namatay doon.

8 At ang mga anak ni Juda ay nakipagbaka laban sa Jerusalem, at sinakop at sinugatan ng talim ng tabak, at sinindihan ang ciudad ng apoy. 9 At pagkatapos, ang mga anak ni Juda ay bumabang bumaka laban sa mga Kananeo na tumatahan sa mga lupaing maburok, at sa Timugan, at sa mababang lupa. 10 At si Juda'y yumaong laban sa Kananeo na tumatahan sa Hebron: (ang pangalan ng Hebron ng una ay Kiri-at-bera:) at kaniyang sinugatan ang Sesai, at ang Ahiman, at ang Talmi. 11 At mula roo'y yu-

maong laban sa mga tumatahan sa Debir. (Ang pangalan nga ng Debir ng una ay Kiri-at-sefer.) 12 At sinabi ni Kaleb: Ang sumugat kay Kiri-at-sefer at makasakop, doon ko ibinigay na asawa si Aksa na aking anak. 13 At si Otniel na anak ni Kenaz, kapatid na bata ni Kaleb, ay siyang sumakop: at ibinigay nito na asawa sa kaniya si Aksa na kaniyang anak. 14 At nangyari, ng lumakip si Aksa, na kaniyang kinilos siya na humingi sa kaniyang ama ng isang bukid: at siya'y bumaba sa kaniyang asno, at sinabi ni Kaleb sa kaniyang: ¿Anong ibig mo? 15 At sinabi ni Aksa sa kaniyang: Bigyan mo ako ng isang kaloob; sapagka't inilagay mo ako sa lupain na Timugan, bigyan mo naman ako ng mga bukal ng tubig. At ibinigay ni Kaleb sa kaniya ang mga bukal sa itaas, at ang mga bukal sa ibaba.

16 At ang mga anak ni Kineo, na binaan ni Moises ay sumampa sa ciudad ng mga puno ng palma na kasama ng mga anak ni Juda sa ilang ng Juda, na na-timugan ng Arad; at sila'y naparoon at tumahang kasama ng bayan. 17 At si Judaf'y yumaong kasama ni Simeon na kaniyang kapatid, at kanilang sinugatan ang Kananeo na tumatahan sa Zefat, at iginibang lubos; at ang pangalan ng ciudad ay tinawag na Horina. 18 Sinakop rin naman ni Juda ang Gaza sampuo ng mga hanganan noon at ang Askelon sampuo ng hanganan noon, at ang Ekron sampuo ng hanganan noon. 19 At ang PANGINOON ay suma kay Juda; at kaniyang pinalayas ang mga taga lupaing maburok; sapagka't hindi niya mapalayas ang mga tumatahan sa libis, dahil sa sila'y may mga karrong bakal. 20 At kanilang ibinigay ang Hebron kay Kaleb, gaya ng sinalita ni Moises: at kaniyang pinalayas doon ang tatlong anak ni Anak. 21 At hindi pinalayas ng mga anak ni Benjamin

ang mga Jebuseo na tumatahan sa Jerusalem: kungdi ang mga Jebuseo ay tumalagang kasama ng mga anak ni Benjamin sa Jerusalem hangang sa araw na ito.

22 At tungkol sa bahay ni Jose, sila man ay sumampag laban kay Bet-el: at ang PANGINOON ay sumasaknila. 23 At ang bahay ni Jose ay nagsug) upang tiktikan ang Bet-el. (Ang pangalan nga ng una ng ciudad ay Luz). 24 At nakita ng mga mangkukubkob ang isang lalaki na humalabas sa ciudad, at kanilang sinabi sa kaniyang; Ituro mo sa amin, isinasamo namin sa iyo, ang pasukan sa ciudad, at gagamitan ka namin ng kahabagan. 25 At itinuro niya sa kanila ang pasukan sa ciudad, at kanilang sinugatan ang ciudad ng talim ng tabak; ngunit pinayaon ang lalaki at ang boong kasambahay niya. 26 At ang lalaki ay pumasok sa lupain ng mga Heteo, at nagtayo ng isang ciudad, at tinawag ang pangalan noon na Luz: na siyang pangalan noon sa araw na ito.

27 At hindi pinalayas ni Manases ang mga taga Bet-sean at ang mga bayan noon, o ang mga taga Taanak man at ang mga bayan noon, o ang mga taga Dor at ang mga bayan noon, o ang mga taga Ibleam man at ang mga bayan noon, o ang mga taga Megido man at ang mga bayan noon: kungdi ang mga Kananeo ay tumahan sa lupain yaon. 28 At nangyari, ng ang Israel ay lumakas, na kanilang pinaatag ang Kananeo, at hindi nila lubos na napalaya.

29 At hindi pinalayas ni Efrain ang mga Kananeo na tumatahan sa Gezer kungdi ang Kananeo ay tumahan sa Gezer sa gitna nila.

30 Hindi pinalayas ni Zebulon ang mga tumatahan sa Kitron, o ang mga tumatahan man sa Nahalol; kungdi ang mga Kananeo ay tumahan sa gitna nila, at naging mamumuis.

31 Hindi pinalayas ni Aser ang mga tumatahan sa Acco, o ang mga tumatahan man sa Zidon, o ang sa Ahlab man, o ang sa Aezib man, o ang sa Helba man, o ang sa Afie man, o ang sa Rehob man; 32 kungdi ang mga Asherita ay tumahang kasama ng mga Kananeo, na mga taga lupain yaon; sapagka't hindi nila pinalayas sila.

33 Hindi pinalayas ni Naftali ang mga tumatahan sa Bet-senes, o ang mga tumatahan man sa Bet-anat; kungdi siya'y

tumahan sa gitna ng mga Kananeo, na mga tumatahan sa lupain yaon; gayon may ang mga tumatahan sa Bet-senes at sa Bet-anat ay naging mamumuis sa kaniya.

34 At pinilit ng mga Amorreo ang mga anak ni Dan sa mga lupain naburul: sapagka't araw nilang tisin sila na humabla sa libis: 35 ngunit inibig ng mga Amorreo na tumahan sa bundok ng Heres, sa Ayalon, at sa Saalbin: gayon may ng nanaig ang kamay ng bahay ni Jose, na ano pa't sila'y naging mamumuis. 36 At ang hanganan ng Amorreo ay papaitaus mula sa Akrahim, buhat sa batuhan, at papaitaus.

2 At sumampa ang angel ng PANGINOON sa Bokim mula sa Gilgal. At kaniyang sinabing, kayo'y pinasampa ko mula sa Egipto, at dinala ko kayo sa lupain na aking sinumpa sa inyong mga magulang; at sinabi kong, kailan may hindi ko sisirain ang aking tipan sa inyo: 2 at luag kayo magikipagtipan sa mga tumatahan sa lupain ito; inyong iwawasak ang kanilang mga altar: ngunit hindi ninyo dininig ang aking voces: ¿Bakit ginawa ninyo ito? 3 kaya't aking sinabi namang: Hindi ko sila palalayasin sa harap ninyo; kungdi sila'y magiging mga salubsob sa inyong mga tagiliran, at ang kanilang mga dios ay magiging silo sa inyo. 4 At nangyari, pagkasalita ng angel ng PANGINOON ng mga salitang ito sa lahat ng mga anak ng Israel, na itinaas ng bayan ang kanilang voces, at umiyak. 5 At kanilang pinanganlan ang lugar na yaon na Bokim; at sila'y naghayin doon sa PANGINOON.

6 Ng mapagpaalam nga ni Josue ang bayan, pumareon ang mga anak ng Israel baw't isa, sa kanilang mana, upang arin ang lupa. 7 At naglingkod ang bayan sa PANGINOON sa lahat ng araw ni Josue, at sa lahat ng mga araw ng mga matandang narirang nabuhay kay Josue, na nakakita ng mga dakilang gawa ng PANGINOON, na kaniyang ginawa sa Israel. 8 At si Josue na anak ni Nun, na alipin ng PANGINOON ay namatay, na may isang daan at sampu-puon taon ang gulang. 9 At kanilang inililing siya sa hanganan ng kaniyang mana, sa Timnat-heres, sa bundukin ng Efrain, sa hilagaan ng bundok Gaas. 10 At lahat ng lahing yaon naman ay nalakip sa kanilang mga magulang; at doo'y nagbangon ang ibang lahi pagkamatay nila, na hindi nakilala ang PANGI-



NOON, o ang mga gawa man na kaniyang ginawa sa Israel.

**11** At ginawa ng mga anak ng Israel ang masama sa paningin ng PANGINOON, at naglingkod sa mga Baal: **12** at kanilang iniwan ang PANGINOON, ang Dios ng kanilang mga magulang, na kumuha sa kanila sa lupain ng Egipto, at sumunod sa ibang mga dios, sa mga dios ng mga bayan na nasa palibot nila: at sila'y yumukod sa kanila; at kanilang minungkahi ang PANGINOON sa galit. **13** At kanilang iniwan ang PANGINOON, at naglingkod kay Baal at kay Astarot. **14** At ang galit ng PANGINOON ay nag-alab laban sa Israel, at kaniyang ibinigay sila sa kamay ng mga mang-loloob na lumoob sa kanila, at kaniyang ipinagbili sila sa mga kamay ng kanilang mga kaaway sa palibot, na ano pa't sila'y hindi makatayong maluat sa harap ng kanilang mga kaaway. **15** Saan man sila yumaon, ang kamay ng PANGINOON ay laban sa kanila upang kasaman, gaya ng sinalita ng PANGINOON, at gaya ng isinumpa sa kanila ng PANGINOON: sila'y nagipit na mainam. **16** At nagbangon ang PANGINOON ng mga hukom na nagligtas sa kanila sa kamay niyaong mga lumuloob sa kanila. **17** At gayon ma'y hindi sila nakikinig sa kanilang mga hukom, sapagka't sila'y nakikiapid sa ibang mga dios, at kanilang mga niyuyukan sila: sila'y nagpakaligaw na madali sa daan na nilakaran ng kanilang mga magulang na sumusunod ng mga utos ng PANGINOON; *nguni't* hindi nila ginawang gayon. **18** At ng ipagbangon sila ng PANGINOON ng mga hukom, ang PANGINOON ay sumasa hukom at iniligtas sila sa kamay ng kanilang mga kaaway sa lahat ng araw ng hukom: sapagka't nagsisi ang PANGINOON dahil sa kanilang daing, dahil doon sa mga pumipighati sa kanila at nagpakalupit sa kanila. **19** *Nguni't* nangyari pagkamatay ng hukom, na sila'y nagbabalik at lalong sumasama kay sa kanilang mga magulang sa pagsunod sa ibang mga dios, upang maglingkod sa kanila, at yumukod sa kanila; sila'y hindi naglilikat sa kanilang mga gawa, o sa kanila mang tampalasang lakad. **20** At ang galit ng PANGINOON ay nag-alab laban sa Israel, at kaniyang sinabing: Sapagka't sinalang-sang ng nacióng ito ang aking tipan na aking iniutos sa kanilang mga magulang, at hindi dininig ang aking voces; **21** hindi ko na naman palalayasin pa ang sino man sa harap ng mga nacióng iniwan ni

Josue ng siya'y mamatay: **22** upang sa pamamag-itan nila'y aking masubok ang Israel, kung kanilang susundin o hindi ang daan ng PANGINOON upang lumakad sa kanya, gaya ng inilakad ng kanilang mga magulang. **23** Kaya't iniwan ng PANGINOON ang mga nacióng yaon, na hindi niya pinalayas silang biglaan: o ibinigay man sila sa kamay ni Josue.

**3** Ito nga ang mga nacióng na iniwan ng PANGINOON, upang subukin ang Israel sa pamamag-itan nila, sa makatuid baga'y sa lahat ng hindi nakakilala ng mga pagbabaka sa Kanaan; **2** makilala man lamang yaon ng mga lahi ng mga anak ng Israel upang turuan sila ng pakikipagbaka, yaon man lamang ng una'y hindi nakakilala niyaon: **3** na ang limang panginoon ng mga Filisteo at ang lahat ng Kananeo, at ang mga Zidonio, at ang mga Heveo, na tumatahan sa bundok ng Libano, mula sa bundok ng Baal-hermon hangang sa pagpasok ng Hamat. **4** At sila nga upang subukin ang Israel sa pamamag-itan nila, upang malaman kung kanilang didingin ang mga utos ng PANGINOON, na kaniyang iniutos sa kanilang mga magulang sa pamamag-itan ng kamay ni Moises. **5** At ang mga anak ng Israel ay tumahan sa gitna ng mga Kananeo, ng Heteo, at ng Amareo. at ng Perezee, at ng Heveo, at ng Jebuseo: **6** at kinuha nila ang kanilang mga anak na babaye upang maging kanilang mga asawa, at ibinigay ang kanilang mga anak na babaye sa kanilang mga anak na lalaki, at naglingkod sa kanilang mga dios.

**7** At ginawa ng mga anak ng Israel ang masama sa paningin ng PANGINOON, at nilimot ang PANGINOONG kanilang Dios, at naglingkod sa mga Baal at sa mga Ashera. **8** Kaya't ang galit ng PANGINOON ay nag-alab laban sa Israel, at kaniyang ipinagbili sila sa kamay ni Kusan-risataim, na hari sa Mesopotamia: at ang mga Sanak ng Israel ay naglingkod ka Kusan-risataim na walong taon. **9** At ng ang mga anak ng Israel ay dumaing sa PANGINOON, ay nagbangon ang Panginoon ng isang tagapagligtas sa mga anak ng Israel, na siyang nagligtas sa kanila, sa makatuid baga'y si Otniel na anak ni Kenaz, na kapatid na bata ni Kaleb. **10** At ang espiritu ng PANGINOON ay sumakaniya, at kaniyang hinatulan ang Israel; at siya'y lumabas na nakipagbaka, at ibinigay ng PANGINOON si Kusan-risataim

na hari sa Mesopotamia sa kaniyang kamay; at ang kaniyang kamay ay nenaig laban kay Kusan-risataim. **11** At nagpahinga ang lupain na apat na puong taon. At si Oniel ang anak ni Kenaz ay namatay.

**12** At ginawa mauli ng mga anak ng Israel ang masama sa paningin ng PANGINOON: at pinatibay ng PANGINOON si Eglon na hari sa Moab laban sa Israel, sapagka't kanilang ginawa ang masama sa paningin ng PANGINOON. **13** At kaniyang tinipon ang mga anak ni Amon at ni Amalek; at siya'y yumaon at sinugatan niya ang Israel; at kanilang inari ang ciudad ng mga puno ng palma. **14** At ang mga anak ng Israel ay naglingkod kay Eglon na labing walong taon.

**15** Ngunit ng dumaing ang mga anak ng Israel sa PANGINOON, ibinangon sa kanila ng PANGINOON ang isang tagapagligtas, si Ehud na anak ni Gera, ang Benjamita, isang lalaking kaliwete; at ang mga anak ng Israel nagpadala ng isang kaloob sa pamamagitan niya kay Eglon na hari sa Moab. **16** At si Ehud ay gumawa ng isang tabak na may dalawang talim, na may isang siko ang haba; at kaniyang ibinigkis sa ilalim ng kaniyang suot, sa kaniyang dakong kanang hita. **17** At kaniyang iuhandog ang kaloob kay Eglon na hari sa Moab: at si Eglon ay lalaking napakataba. **18** At ng siya'y matapos makapaghandog ng kaloob, pinapagpalam, ni Eglon ang bayan na nagdala ng kaloob. **19** Ngunit si Ehud nagbalik mula sa batuhan na nasa piling ng Gilgal, at nagsabing: Ako'y may isang pasungong libim sa iyo, O hari. At kaniyang sinabing: Tumahimik ka! At yaong lahat na nakatayo sa siping niya, ay umalis sa harap niya. **20** At si Ehud ay naparoon sa kaniya; at siya'y nakaupong mag-isa sa kaniyang kabahayan na pangtag-init na sarili niya. At siuabi ni Ehud: Ako'y may dalang pasugo sa iyo na mula sa Dies. At siya'y nagtindig sa kaniyang upuan. **21** At inilabas ni Ehud ang kaniyang kaliwa, at binunot ang tabak mula sa kaniyang kanang hita, at isinaksak sa kaniyang tiyan: **22** at pati ng puluhan ay sumuot na kasunod ng tabak; at patikom ang taba sa tabak, na ano pa't hindi niya nabunot ang tabak sa kaniyang tiyan; at lumabas sa likod. **23** Ng magkagayo'y lumabas si Ehud sa pintuan, at sinarhan niya siya sa mga pintuan ng kabahayan, at mga tinarankahan. **24** Ngayo'y ng siya'y makaalis, ang kani-

yang mga alipin ay dumating; at kanilang nakita, at, narito, ang mga pintuan ng kabahayan ay natatranka; at kanilang sinabing: Walang pagsalang kaniyang tinatakpan ang kaniyang mga pa sa kaniyang silid na pangtag-init. **25** At sila'y naghintay hangang sa sila'y nangapahiya: at, narito, hindi niya binuksan ang mga pintuan ng kabahayan; kaya't sila'y kumuha ng susi, at binuksan: at, narito, ang kanilang pangirong, ay nakabulag-tang patay sa lapag! **26** At tumakas si Ehud samantalang sila'y naghihintay, at siya'y dumaon sa dako roon ng batuhan at tumakas hangang sa Seira. **27** At nangyari, pagdating niya, ay kaniyang hinipan ang pakakak sa lupaing maburod ng Efrain, at ang mga anak ng Israel ay bumabang kasama niya mula sa lupaing maburod: at siya'y sa unahan nila. **28** At kaniyang sinabi sa kanilang: Sumunod kayo sa akin: sapagka't ibinigay ng PANGINOON ang inyong mga kaaway na mga Moabita sa inyong kamay. At sila'y lumabang kasunod niya, at sinakop ang mga tawiran sa Jordan laban sa mga Moabita, at hindi nila tinulis na sino mang katawo ay magdaan deon. **29** At sila'y sumugat sa Moab ng panahong yaon ng may sampuonng libong lalaki, baw't lalaking matatala at baw't lalaking may tapang; at doo'y walang nakatakas na lalaki. **30** Gayen nangayupapa ang Moab ng araw na yaon, sa ilalim ng kamay ng Israel: at ang lupa'y nagpahingang walong puong taon.

**31** At pagkatapos niya'y si Bangan, na anak ni Anat, ay siyang sinugat sa mga Filisteo, ng anim na raang lalaki, ng may tibo ng baka: at kaniya ring iciligtas ang Israel.

**4** At ginawang uli ng mga anak ng Israel ang masama sa paningin ng PANGINOON, ng namatay si Ehud. **2** At ipinagbili sila ng PANGINOON sa kamay ni Jabn na hari sa Kanaan na naghahari sa Hazor; na ang puno sa hukbong yaon ay si Sisera, na siyang tumatapan sa Haroet ng mga nasyon. **3** At dumaing ang mga anak ng Israel sa PANGINOON: sapagka't siya'y may anim na raang karong bakal; at dalawang puong taong pinighati niyang mainam ang mga anak ng Israel.

**4** Ngayo'y si Debora, na profetisa, asawa ni Lapidot, ay humahatol sa Israel ng panahong yaon. **5** At siya'y tumahan sa ilalim ng puno ng palma ni Debora, sa

pag-itan ng Rama at Bet-el, sa lupaing maburot ng Efraim; at sinasampa siya ng mga anak ng Israel upang pahatol.

**6** At kaniyang sinugo at pinatawag si Barak, na anak ni Abinoam mula sa Kedes-naftali, at sinabi sa kaniyang, ¶ Hindi ba ang PANGINOON, ang Dios ng Israel, nag-utos: Yumaon ka, at sumulong ka sa bundok ng Tabor, at magsama ka ng sampuonng libong lalaki sa mga anak ni Naftali at sa mga anak ni Zebulon?

**7** At aking isusulong kita sa ilog Kison, sa Sisera, na puno sa hukbo ni Jabin, sampuon ng kaniyang mga karro at ng kaniyang mga karamihan; at aking ibibigay siya sa iyong kamay.

**8** At sinabi ni Barak sa kaniyang: Kung ikaw ay sasama sa akin ay paroroon nga ako: nguni't kungdi ka sasama sa akin, hindi ako paroroon.

**9** At kaniyang sinabing: Walang pagsalang sasama ako sa iyo: gayon ma'y ang lakad na iyong ipag-papatuloy ay hindi magiging sa iyong kapurihan; sapagka't ipagbibili ng PANGINOON si Sisera sa kamay ng isang babaye. At si Debora ay tumindig at pumaroon kasama ni Barak sa Kedes.

**10** At tinawag ni Barak si Zebulon at si Naftali na magkasama sa Kedes; at doo'y sumampa ang sampuonng libong lalaki na kasunod niya: at si Debora ay sumanpang kasama niya.

**11** Ngayo'y si Heber na Kineo ay humiwalay sa mga Kineo sa makatuid baga'y sa mga anak ni Hobbab, na brian ni Moises, at itinayo ang kaniyang mga dampa hangang sa encinahan sa Zaananim, na nasa siping ng Kedes.

**12** At kanilang isinaysay kay Sisera na si Barak na anak ni Abinoam ay sumampa sa bundok ng Tabor.

**13** At pinagpisang magkakasama ni Sisera ang kaniyang mga karro, siam na raang karrong bakal, at ang boong bayan na kasama niya, mula sa Haroset ng mga nacion hangan sa ilog ng Kison.

**14** At sinabi ni Debora kay Barak: Magbangon ka; sapagka't ito ang araw na ibinigay ng PANGINOON si Sisera sa iyong kamay: ¶ Hindi ba lumabas ang PANGINOON sa harap mo? Sa gayo'y bumaba si Barak mula sa bundok ng Tabor, at sampuonng libong lalaki ang kasunod niya.

**15** At nilansag ng PANGINOON si Sisera, at labat ng karro niya, at ang boong hukbo niya, ng talim ng tabak sa harap ni Barak; at bumaba si Sisera sa kaniyang karro, at tumakas na tumakbo.

**16** Nguni't hibabol ni Barak ang mga karro, at ang

hukbo, hangang sa Haroset ng mga nacion: at ang boong hukbo ni Sisera ay nahulog sa talim ng tabak; walang lalaking nalabi.

**17** Gayon ma'y si Sisera ay tumakas na tumakbo sa dampa ni Jael na asawa ni Heber na Kineo; sapagka't may kapayapaan si Jabin na hari sa Hazor at ang bahay ni Heber na Kineo.

**18** At sinalubong ni Jael si Sisera, at sinabi sa kaniyang: Lumihis ka panginoon ko, lumihis ka rito sa akin; huag kang matakot. At siya'y lumihis sa kaniya sa loob ng dampa, at siya'y tinakpan niya ng isang kolcha.

**19** At sinabi niya sa kaniyang: Isinasamo ko sa iyo na bigyan mo ako ng kaonting tubig na mainom; sapagka't ako'y nauuhaw. At binuksan niya ang isang botellang gatas, at pinainom niyasya, at tinakpan siya.

**20** At sinabi ni Sisera sa kaniyang: Tumayo ka sa pintuan ng dampa, at mangyayari, pagka ang sino man ay darating at magtatanong sa iyo, at magsasabing: ¶ May tawo bang sino man dian,? na iyong sasabibing: Wala.

**21** Ng magkagayo'y kumuba si Jael na asawa ni Heber ng isang tulos ng dampa, at sumungab ng isang pamukpok sa kaniyang kamay at naparoonng marahang sa kaniya, at isinugat ang tulos sa kaniyang ulo, at ibinual sa lupa; sapagka't siya'y nakatulong ng mahimbing; sa gayo'y siya'y nanglupaypay at namatay.

**22** At narito, sa paraang hinahabol ni Barak si Sisera; lumabas na sinalubong ni Jael siya, at sinabi sa kaniyang: Parito ka, at ituturo ko sa iyo ang lalaki na iyong hinahanap. At siya'y naparoon sa kaniya, at narito, si Sisera ay nakabulagatang patay, at ang tulos ay nasa kaniyang ulo.

**23** Gayon pinangayupapa ng Dios ng araw na yaon si Jabin na hari sa Kanaan sa harap ng mga anak ng Israel.

**24** At nanaig ang kamay ng mga anak ng Israel ng higit at higit laban kay Jabin na hari sa Kanaan, hangang sa maigila nila si Jabin na hari sa Kanaan.

**5** Ng magkagayo'y umawit si Debora at si Barak na anak ni Abinoam ng araw na yaon, na sinabing:

**2** Sa paraang pinatnubayan ng mga taga patnubay ang Israel,

Sa paraang ang bayan ay humandog na kusa,

Purihin ninyo ang PANGINOON.

**3** Dingin ninyo, Oh mga hari; pakingan ninyo, Oh mga principe;

Ako, ako'y aawit sa PANGINOON;

- Ako'y aawit ng pagpupuri sa PANGINOON, na Dios ng Israel.
- 4 PANGINOON, ng ikaw ay lumabas sa Seir,  
Ng ikaw ay yumaon mula sa bukid ng Edom,  
Ang lupa'y nanginig, ang mga langit naman ay pumatak,  
Tunay, ang mga alapaap ay pumatak ng tubig.
- 5 Ang mga bundok ay lumindol sa harap ng PANGINOON,  
Pati ikaw Sinai, sa harap ng PANGINOON, ng Dios ng Israel.
- 6 Sa mga araw ni Samgar na anak ni Anat,  
Sa mga araw ni Jael ang mga barkada ay naglikat,  
At ang mga mapaglakbay ay lumakad sa mga landas.
- 7 Ang mga pupo ay naglikat sa Israel, sila'y naglikat,  
Hangang sa ako, si Debora, ay nagbangon,  
Na ako'y nagbangong pinaka-ina ng Israel.
- 8 Sila'y nagsipili ng bagong mga dios;  
Ng magkagayo'y nagkaroon ng pagbabaka sa mga pintuang-daan:  
Nakakita ba kaya ng kalasag o ng sibat sa apat na puong libo sa Israel?
- 9 Ang aking puso'y nasa mga nagpupuno sa Israel,  
Na nagsilhandog na kusa sa bayan:  
Purihin ninyo ang PANGINOON!
- 10 Sagsayin ninyo, ninyong mga nakasakay sa mapuputing asno,  
Kayong mga nauupo sa mga mainam na sapin,  
At kayong mga lumalakad sa daan,
- 11 Malayo sa ingay ng mga manghuhutok, sa mga lugar na igiban ng tubig,  
Diyan sila magpapanibagong bilang ng mga kabanalang gawa sa PANGINOON,  
Ng mga kabanalang gawa ng kaniyang pagpupuno sa Israel.  
Bumaba nga ang bayan ng PANGINOON sa mga pintuang-daan.
- 12 Gumising ka, gumising ka, Debora;  
gumising ka, gumising ka, umawit ka ng awit:  
Bumangon ka, Barak, at dalhin mo ang iyong mga bihag, ikaw na anak ni Abinoam.
- 13 Bumaba nga ang malabi sa mga mahal, Ang PANGINOON ay bumaba dahil sa akin laban sa mga makapangyarihan.
- 14 Sa Efraim nagmumula, silang ang ugat ay nasa Amalek  
Sa likuran mo ang Benjamin, na kasama ng iyong bayan;  
Sa Makir nagmumula ang mga pinuno,  
At sa Zebulon ang mga humabawak ng tungkod ng pagpupuno.
- 15 At ang mga pangulo sa Isakar ay kasama ni Debora:  
Kung paano si Isakar ay gayon si Barak;  
Sa libis itinulak sa kaniyang mga paa.  
Sa tabi ng mga batis ni Ruben ay nagkaroon ng mga dakilang pagdidilidili ng puso.
- 16 Bakit ikaw ay naupo sa gitna ng mga kulungan ng tupa,  
Upang dingin ang mga pagtawag sa mga kawan?  
Sa batis ni Ruben.  
Nagkaroon ng mga pagdidilidili ng puso.
- 17 Si Gilead ay tumatahan sa dako roon ng Jordan:  
At si Dan, bakit siya'y natitira pa sa mga sasakyan?  
Si Aser ay umuupo sa mga tabi ng dagat,  
At tumatahan sa kaniyang mga batis.
- 18 Si Zebulon ay isang bayan na nagwalang kabuluhan ng kaniyang buhay sa kamatayan,  
At si Naftali, sa mga mataas na lugar sa bukid.
- 19 Ang mga hari ay pumarito at bumaka;  
Ng magkagayo'y nakipagbaka ang mga hari sa Kanaan,  
Sa Taanak na nasa tabi ng mga tubig sa Megido:  
Sila'y hindi nagdala ng mga pakinabang na salapi.
- 20 Sila'y nakipagbaka mula sa langit,  
Ang mga bituin sa kanilang paglakad ay nakipagbaka laban kay Sisera.
- 21 Tinangay sila ng batis ng Kison,  
Ng matandang ilog na yaon, ang ilog Kison.  
O aking kalulua lumakad kang may lakas.
- 22 Ng magkagayo'y nagsipukpok ang mga kuko ng mga kabayo.  
Dahil sa mga pagtungtong, sa pagtungtong ng kaulang mga malakas.
- 23 Sumpain ninyo si Meroz, wika ng angel ng PANGINOON,  
Sumpain ninyo ng kapaitpaitan ang mga tumatahan sa kaniya;

- Sapagka't sila'y hindi naparoon sa tulong ng PANGINOON,  
 Sa tulong ng PANGINOON, laban sa mga makapangyarihan.
- 24 Pagpalaín sa lahat ng babaye si Jael,  
 Ang asawa ni Heber na Kineo,  
 Pagpalaín siya sa lahat ng babaye sa dampa.
- 25 Siya'y humingi ng tubig, binigyan niya ng gatas;  
 Kaniyang binigyan siya ng mautequilla sa pingang mahal.
- 26 Kaniyang ipinatong ang kaniyang kamay sa tulos,  
 At ang kaniyang kanang kamay sa pamukpok ng mga mang-gagawa;  
 At sa pamamag-itan ng pamukpok ay kaniyang sinugatan si Sisera, sinugatan niya sa kaniyang ulo.  
 Tunay, kaniyang itinaas at isinaksak sa kaniyang ufo.
- 27 Sa kaniyang paanan ay yumuko, siya'y nabual, siya'y nabulagta:  
 Sa kaniyang paanan siya'y yumuko, siya'y nabual:  
 Kung saan siya yumako, doon siya nabulagtag patay.
- 28 Mula sa dungawan siya'y tumatanaw, at sumigaw;  
 Ang ina ni Sisera ay sumigaw mula sa mga silipan:  
 ¿Bakit ang kaniyang karro ay nagluluat ng pagdating?  
 ¿Bakit bumabagal ang mga gulong ng kaniyang mga karro?
- 29 Ang kaniyang mga pantas na babaye ay sumagot sa kaniya,  
 Timay, siya ang sumasagot sa kaniya rin,
- 30 ¿Hindi ba sila nakasumpung, hindi ba nila binahagi ang samsam?  
 Isang dalaga, dalawang dalaga sa bawat lalaki;  
 Kay Sisera ay samsam na sarisaring kulay,  
 Samsam na sarisaring kulay, ang pagkaburda.  
 Na sarisaring kulay, na burda sa dalawang tagiliran,  
 Na dala sa leeg ng mga bihag?
- 31 Gayon malipol ang lahat ng iyong kaaway, O PANGINOON:  
 Nguni't yaong mga umiibig sa kaniya maging parang araw pagka lumalabas sa kaniyang kalakasan,  
 At ang lupain ay nagpahinga na apat na puong taon,
- 6 At ginawa ng mga anak ng Israel yaong masama sa paningin ng PANGINOON: at ibinigay sila ng PANGINOON sa kamay ni Madian na pitong taon.  
 2 At ang kamay ni Madian ay nanaig laban sa Israel; at dahil kay Madian ay gumawa ang mga anak ng Israel ng mga kuta na nangasa bundok, at sa mga yungib, at sa mga lugar na matibay.  
 3 At ganito ang nangyari, pagka ang Israel ay nakapaghasik, na nagsisisampa ang mga Madianita, at ang mga Amalecita, at ang mga anak sa silangan; oo, sila'y sumampang laban sa kanila; 4 At sila'y nagtayo ng kamento laban sa kanila, at kanilang giniba ang bunga ng lupa, hangang sa sila'y dumating sa Gaza, at wala silang iniwang ano man sa Israel, maging tupa o baka man, o asno man.  
 5 Sapagka't sila'y sumasampang dala nila ang kanilang bakahan at ang kanilang mga dampa; at sila'y pumasok na parang balang dahil sa karamihau; sila at ang kanilang mga kamello ay walang bilang at sila'y pumasok sa lupain upang gibain.  
 6 At ang Israel ay huminang totoo dahil sa Madian; at ang mga anak ng Israel ay dumaing sa PANGINOON.  
 7 At nangyari, ng ang mga anak ng Israel ay dumaing sa PANGINOON dahil sa Madian, 8 na nagsugo ang PANGINOON ng isang profeta sa mga anak ng Israel: at kaniyang sinabi sa kanilang: Ganito ang sabi ng PANGINOON, ang Dios ng Israel: Kayo'y aking isibampa mula sa Egipto, at kinuha ko kayo sa bahay ng pagkaalipin; 9 at pinapaging laya ko kayo sa kamay ng mga taga Egipto, at sa kamay ng mga pumipighati sa inyo, at aking pinalayas sila sa harap ninyo, at ibinigay ko sa inyo ang kanilang lupain; 10 at aking sinasabi sa inyong: ako ang PANGINOON inyong Dios; kayo'y huag matatakot sa mga dios ng mga Amorreo, na siyang lupaing inyong tinatahanan: nguni't hindi ninyo dininig ang aking voces.  
 11 At ang angel ng PANGINOON ay naparoon at umpupo sa ilalim ng encina na nasa Ofra na kay Joas na Abiezerita: at ang kaniyang anak na si Gideon ay pumapalo ng trigo sa uvasan, upang itago sa mga Madianita: 12 At napakita ang angel ng PANGINOON sa kaniya, at sinabi sa kaniyang: Ang PANGINOON sumasaiyo, lalaking makapangyarihan may tapang.  
 13 At sinabi ni Gideon sa kaniyang: Oh aking PANGINOON kung ang PANGINOON

ay sumasaamin, ¿bakit nga ang lahat ng ito ay sumapit sa amin? ¿at saan naroon ang lahat niyang kalabalaghang gawa na isinaysay sa amin ng aming mga magulang, na sinabing: ¿Hindi ba tayo ipinamhiik ng PANGINOON mula sa Egipto? ngunit ngayoy hiniwalayan kami ng PANGINOON at ililagay kami sa kamay ni Madiam. **14** At tinignan siya ng PANGINOON, at sinabing: Yumaon ka sa kalakasan mong ito, at iligtas mo ang Israel sa kamay ng Madiam. ¿Hindi ba kita sinugo? **15** At sinabi niya sa kaniyang: Oh Panginoon; ¿kung gayo'y aking ililigtas ang Israel? narito, ang aking kamag-anakan ay siyang pinakadukha sa Manases, at ako ang pinakamaliit sa bahay ng aking ama. **16** At sinabi ng PANGINOON sa kaniyang: Walang pag-salang ako'y sasaiyo; at iyong susugatan ang mga Madianita na parang isang lalaki. **17** At sinabi niya sa kaniyang: Kung ngayo'y ako'y nakasumpung ng biyaya sa iyong paningin, bigyan mo nga ako ng isang tanda, na ikaw ang nakikipag-usap sa akin. **18** Isinasamo ko sa iyo na huag kang umalis dito, hangang sa ako'y handog, at ilapag ko sa harap mo. At kaniyang sinabing: Ako'y maghilitay hangang sa ikaw ay magbalik. **19** At si Gideon ay yumaon, at naglutong madali ng isang anak ng kambing, at ng mga mamong walang levadura na isang efa ng harina: inilagay ang laman sa isang buslo at kaniyang inilagay ang sabaw, sa isang paliok, at dinala sa kaniya sa ilalim ng encina, at inihandog. **20** At sinabi ng angel ng Dios sa kaniyang: Kunin mo ang laman at ang mga mamong walang levadura at mga ipatong mo sa batong ito at ibuhos mo ang sabaw. At kaniyang ginawang gayon. **21** Ng magkagayo'y ininat ng angel ng PANGINOON ang dulo ng tungkod, na nasa kaniyang kamay, at sinangi ang laman at ang mga mamong walang levadura; at napailanglang ang apoy sa bato, at pinugnaw ang laman at ang mga mamong walang levadura; at ang angel ng PANGINOON ay nawala sa kaniyang paningin. **22** At nakita ni Gideon na siya ang angel ng PANGINOON; at sinabi ni Gideon: ¿Sa aba ko, O Panginoong Dios! sapagka't aking nakita ang angel ng PANGINOON na mukhaan. **23** At sinabi ng PANGINOON sa kaniyang: Kapayapaan ang sumaiyo; huag kang matakot: hindi ka mamamatay. **24** Ng mag-

kagayo'y nagtayo si Gideon ng isang altar roon sa PANGINOON, at tinawag na Jehova-salom: hangang sa araw na ito ay namamalagi pa sa Ofra ng mga Abiezrita.

**25** At nangyari ng gabi ring yaon, na sinabi ng PANGINOON sa kaniyang: Kunin mo ang toro ng iyong ama, ang ikalawang toro na may pitong taong katauldaan, at ibagsak mo ang altar ni Baal na tinatankilik ng iyong ama, at putulin mo ang Ashera na nasa siping niya. **26** At magtayo ka ng isang altar na sa PANGINOONG Iyong Dios, sa taluktok ng matibay na lugar na ito; at kunin mo ang ikalawang toro, at maghandog ka ng isang handog na susunugin sampuo ng kahoy ng Ashera na iyong puputulin. **27** Ng magkagayo'y kumuha si Gideon ng sampuon lalaki sa kaniyang mga alpin, at ginawa ang sinalita ng PANGINOON sa kaniya. At nangyari, sa paraang siya'y natakot sa kasambahay ng kaniyang ama at sa mga lalaki sa ciudad, na ano pa't hindi niya nagawa sa araw ay kaniyang gitawa sa gabi. **28** At ng ang mga lalaki sa ciudad ay magbangong maaga ng kinamagahan, narito, ang altar ni Baal ay lagpak, at ang Ashera na nasa siping niya ay putol, at ang ikalawang toro ay naihandog sa altar na itinayo. **29** At sila'y nagsasabihang isa't isa: ¿Sino ang gumawa ng bagay na ito? At ng kaniyang usisain at itanong, sinabing: Ginawa ni Gideon na anak ni Joas ang bagay na ito. **30** Ng magkagayo'y sinabi ng mga lalaki sa ciudad kay Joas: Habas mo ang iyong anak upang siya'y mamatay: sapagka't kaniyang inilagpak ang altar ni Baal, at sapagka't kaniyang pinutol ang Ashera na nasa siping noon. **31** At sinabi ni Joas sa lahat na nakatayang laban sa kaniyang: ¿Pamamag-itanan ba niyo si Baal? o ¿ililigtas niyo siya? yaong mamag-itan sa kaniya, patayin samantalang umaga pa; kung siya'y dios mamag-itan siya sa kaniyang sarili, sapagka't inilagpak ng isa ang kaniyang altar. **32** Kaya't ng araw na yaon ay tinawag siyang Jerubaal, na sinabing: Mamag-itan si Baal laban sa kaniya, sapagka't inilagpak ang kaniyang altar.

**33** Ng magkagayo'y lahat ng Madianita, at Amalecita at mga anak sa silangan ay nagkapisan; at sila'y nagtuloy at nagpahinga sa libis ng Jezreel. **34** Ngunit ang espiritu ng PANGINOON ay sumakay Gideon; at hinipan niya ang isang

pakakak; at ang mga Abiezerita ay nagkapisan na sumunod sa kaniya. **35** At nagsugo ng mga sugo sa boong Manases; at sila naman ay nagpipisan na sumunod sa kaniya, at siya'y nagsugo ng mga sugo kay Aser, at kay Zebulon, at kay Naftali; at sila'y sumampang sumalubong sa kanila. **36** At sinabi ni Gideon sa Dios. Kung iyong ililigtas ang Israel sa pamamagitan ng aking kamay, gaya ng iyong sinalita, **37** narito, aking ilalagay ang isang balat na lana sa giikan; kung dumoon lamang sa balat ang hamog, at maging tuyo ang boong lupa, kung gayo'y malalaman ko na iyong ililigtas ang Israel sa pamamagitan ng aking kamay, gaya ng iyong sinalita. **38** At nagkagayon; sapagka't siya'y nagbangong maaga ng kinaumagahan, at hinigpit ang boong balat, at piniga ang hamog sa balat, na i-ang tasang malaki ng tubig. **39** At sinabi ni Gideon sa Dios: Huag magalab ang iyong galit laban sa akin, at magsasalita na lamang ako ng minsan: Isinasamo ko sa iyo na aking subukin, nguni't ito na lamang sa pamamagitan ng balat, tuyuin mo ngayon ang balat, at sa boong lupa ay magkaroon ng hamog. **40** At ginawang gayon ng Dios ng gabing yaon: sapagka't natuyo ang balat lamang, at nagkaroon ng hamog sa boong lupa.

**7** Ng magkagayo'y si Jerubal na siyang Gideon, at ang boong bayan na kasama niya ay nagbangong maaga, at nagsipagpahinga sa bukal ng Harod: at ang kampo ni Madian ay nasa dakong hilagaan nila, sa dako roon ng More, sa libis.

**2** At sinabi ng PANGNOON kay Gideon: Ang bayang dala mo ay totoong marami sa akin upang aking ibigay ang mga Madianita sa kanilang kamay, baka ang Israel ay magmalaki laban sa akin, na sabihing: Aking sariling kamay ang nagligtas sa akin. **3** Kaya't ngayo'y yumaon ka, ihayag mo sa mga pakinig ng bayan, na iyong sabihing: Sino mang matatakutin at mapanginig, ay magbalik at pumihit mula sa bundok ng Gilead. At nagbalik sa bayan ang dalawang puot dalawang libo; at naiwan ang sampuon libo.

**4** At sinabi ng PANGNOON kay Gideon: Ang bayan ay totoong marami pa; pababain mo sila sa tubig, at aking susubukin sila sa inyo doon: at mangyayari, na sa sino mang aking sabihin sa iyo: Ito'y yayaong kasama mo, yaoy'y yayaong kasama mo; at sa sino mang sabihin ko

sa iyo: Ito'y hindi yayaong kasama mo, yaoy'y hindi yayaon. **5** Sa gayo'y kaniyang ibinaba ang bayan sa tubig: at sinabi ng PANGNOON kay Gideon: Bawa't humimod sa tubig ng kaniyang dila, gaya ng paghimod ng aso, ay iyong ihihiwalay; gayon din ang bawa't yumukong lumuhod upang unimod. **6** At ang bilang ng mga humimod, na inilalagay ang kanilang kamay sa kanilang bibig, ay tatlong daang lalaki: nguni't ang boong labis ng bayan ay yumukong lumuhod upang unimod ng tubig. **7** At sinabi ng PANGNOON kay Gideon: Sa pamamagitan ng tatlong daang lalaki na humimod ay ililigtas ko kayo, at ibibigay ko ang mga Madianita sa iyong kamay: at pabayaan mo ang boong bayan ay yumaon na bawa't isa sa kaniyang lugar. **8** Sa gayo'y dinala ng bayan ang mga pagkain sa kanilang kamay, at ang kanilang mga pakakak; at kaniyang sinungo ang lahat ng lalaki sa Israel na bawa't isa ay sa kaniyang dampa, nguni't pinigil ang tatlong daang lalaki: at ang kampo ni Madian ay nasa ilalim niya sa libis.

**9** At nangyari ng gabing yaon, na sinabi ng PANGNOON sa kaniyang: Magbangon ka, babain mo ang kampo; sapagka't aking ibinigay sa iyong kamay. **10** Nguni't kung ikaw ay natatakot na bumaba, bumaba kang kasama ni Pura na iyong alipin sa kampo: **11** at iyong marinig kung ano ang kanilang sinasabi; at pagkatapos ang iyong mga kamay ay lalakas upang bumaba sa kampo. Ng magkagayo'y siya'y bumabang kasama si Pura na kaniyang alipin sa pinakahanganan ng mga lalaking may sakbat na nangga sa kampo.

**12** At ang mga Madianita at ang mga Amalecita at ang lahat na mga anak sa silanganan ay nalalagat sa libis na parang balang dahil sa karamihan; at ang kanilang mga kamello ay walang bilang, na gaya ng buhangin na nasa tabi ng dagat dahil sa karamihan. **13** At ng dumating si Gideon, narito, may isang lalaki na nagsasaysay ng isang panaginip sa kaniyang kasama, at sinasabing: Nanaginip ako ng isang panaginip, at, narito, isang mamong tinapay na cebada, ay gumulong sa kampo ni Madian, at napasa dampa, at sinugatan, na bumagsak, at ibinaligtad; na ang dampa'y lumagpak.

**14** At sumagot ang kaniyang kasama, at nagsabing: Ito'y hindi iba, kungdi ang tabak ni Gideon, na anak ni Joas, isang

lalaking taga Israel, na sa kaniyang kamay ibinigay ng Dios ang Madian at ang boong hukbo niya.

15 At nangyari, ng marinig ni Gideon ang saysay ng panaginip, at ang pagkakapakinig niya, na siya'y sumamba; at siya'y nagbalik sa dampa ng Israel, at nagsabing: Magbangon kayo; sapagka't ibinigay ng PANGINOON sa inyong kamay ang hukbo ni Madian. 16 At binahagi niya ang tatlong daang lalaki ng tatlong pulutong, at kaniyang nilagyan ang mga kamay nilang lahat ng mga pakakak, at mga inumang walang laman. 17 At kaniyang sinabi sa kanilang: Masdan ninyo ako, at inyong parisan: at narito, pagka ako'y dumating sa pinakahuling bahagi ng kampo, mangyari, na kung ano ang aking gawin gayon, inyong gagawin.

18 Pagka aking hihipan ang pakakak, ako at kayong lahat na kasama ko, humihihinga naman ng mga pakakak, sa bawat tagiliran ng boong kampo, at sabihin ninyong: Sa PANGINOON at kay Gideon.

19 Sa gayo'y si Gideon, at ang isang daang lalaki ay naparoon sa pinakadulong bahagi ng kampo sa pasimula ng pagbabantay sa hatig gabi, ng halos kahahalili lamang ng bantay: at sila'y humihihinga ng mga pakakak, at kanilang binasag ang mga inuman na nasa kanilang mga kamay. 20 At hinipan ng tatlong pulutong ang mga pakakak, at binasag ang mga inuman, at itinaas ang mga tang-law sa kanilang kaliwang kamay, at ang mga pakakak sa kanilang kanang kamay na kanilang hinihipan: at sila'y sumisigaw: Ang tabak ng PANGINOON at ni Gideon. 21 At sila'y nangakatayo, bawat isa, sa kaniyang lugar sa boong palibot ng kampo: at sila'y ang boong hukbo ay tumakbo; at sila'y sumisigaw at tumatakas. 22 At hinipan nila ang tatlong daang pakakak at inilagay ng PANGINOON ang tabak ng bawat isa laban sa kaniyang kasama, at laban sa boong hukbo: at tumaksa ang hukbo hangang sa Bet-sita sa dakong Zerera, hangang sa hanganan ni Abel-mehola, sa siping ng Tabat. 23 At ang mga anak ng Israel ay nagpipisan, ang kay Naftali, at ang kay Aser, at ang sa boong Manases, at hinabol si Madian.

24 At nagsugo si Gideon ng mga sugo sa boong lupaing maburot ng Efrain, na nagsabing: Bumaba kayo laban kay Madian, at agapan ninyo ang mga tubig, hangang sa Bet-bara, at ang Jor-

dan. Na gayo'y ang lahat ng lalaki ng Efrain ay nagkapisan, at inagapan ang mga tubig hangang sa Bet-bara, at ang Jordan. 25 At kanilang hinuli ang dalawang pangulo sa Madian, si Oreb at si Zeeb: at kanilang pinatay si Oreb sa batuhan ni Oreb at si Zeeb ay kanilang pinatay sa uvasan ni Zeeb, at hinabol si Madian: at kanilang dinala ang mga ulo ni Oreb at ni Zeeb kay Gideon sa dakong roon ng Jordan.

8 At sinabi ng mga lalaki ni Efrain sa kaniyang: Bakit inari mo kaming ganiyan, na hindi mo kami tinawag ng ikaw ay yumaong makipag-away kay Madian? At kinagalitan nila siya na mainam. 2 At sinabi niya sa kanilang: Ano ang aking ginawa ngayon na di paris ng inyo? Di ba mainam ang pag-simot ng uvas ni Efrain kay sa pag-aani ng kay Abiezer? 3 Ibinigay ng Dios sa inyong kamay ang mga pangulo sa Madian, si Oreb at si Zeeb. At ano ang aking magagawa na paris ng inyo? Ng magtagayo'y ang kanilang galit sa kaniya ay lumamig, ng kaniyang sabihin yaon.

4 At si Gideon ay napasas Jordan, at siya'y dumaan, siya, at ang tatlong daang lalaki na mga kasama niya, mga pagod na, ay humahabol pa. 5 At sinabi niya sa mga lalaki sa Sukot: Isinasamo ko sa inyo na bigyan ninyo ng tinapay ang bayan na sumusunod sa akin; sapagka't sila'y mga pagod, at aking hinahabol si Zeba at si Zalmuna, na mga hari sa Madian. 6 At sinabi ng mga pangulo sa Sukot: Nasa iyo bang kamay ngayon ang mga kamay ni Zeba at ni Zalmuna, upang bigyan namin ng tinapay ang iyong kawal? 7 At sinabi ni Gideon: Kaya, pagka ibinigay ng PANGINOON, si Zeba at si Zalmuna sa aking kamay, akin ngang gigükin ang inyong laman ng mga timik sa ilang at ng mga dawag. 8 At sinampa niya mula roon ang Penuel, at siya'y nagsalita sa kaniya ng gayon din: at sinagot siya ng mga lalaki sa Penuel na gaya ng isinagot ng mga lalaki sa Sukot. 9 At sinalita niya naman sa mga lalaki sa Penuel, na sinabing: Pagbabalik kong payapa, aking ibabagsak ang moog na ito.

10 Ngayo'y si Zeba at si Zalmuna ay nasa Karkor, at ang kanilang mga hukbo na kasama nila, na may labing limang libong katawo, yaong lahat na nalabi sa boong hukbo ng mga anak sa silanganan: sapagka't nabual ang isang daan at dala-



wang puong libong lalaki na humahawak ng tabak. **11** At si Gideon ay sumampa sa daan ng mga tumatalan sa mga dampa sa silanganan ng Noba at Jogbea, at sinugatan ang hukbo; sapagka't ang hukbo ay titanasay. **12** At si Zeba at si Zalmuna ay tumakas; at kaniyang hinabol sila: at kaniyang hinuli ang dalawang hari sa Madian, si Zeba at si Zalmuna, at natulig ang boong hukbo. **13** At si Gideon na anak ni Joas ay nagbalik, mula sa pakikipagbaka, mula sa pagpapailanglang ng Herec. **14** At hinuli niya ang isang binata sa mga lalaki ni Sukot, at nag-usisa siya sa kaniya: at ipinaalam sa kaniya ang mga pangulo sa Sukot, at ang mga matanda niya ay pitong puo't pitong lalaki. **15** At sila'y naparoon sa mga lalaki sa Sukot, at nagsabing: Narito si Zeba at si Zalmuna, na tungkol sa kanila, inyo akong pinulaan, na inyong sinabing: ¿Nasa iyong kamay na ba ngayon ang mga kamay ni Zeba at ni Zalmuna, upang bigyan namin ng tinapay ang iyong mga lalaki na mga paged? **16** At kaniyang kinuha ang mga matanda sa ciudad, at mga tinik sa ilang at mga dawag, at sa pamamagitan ng mga yaon ay kaniyang ipinakilala sa mga lalaki sa Sukot. **17** At kaniyang inilagpak ang moog ng Penuel, at pinatay ang mga lalaki sa ciudad. **18** Ng magkagayo'y kaniyang sinabi kay Zeba at kay Zalmuna: ¿Anong mga lalaki yang inyong pinatay sa Tabor? At sila'y sumagot: Kung ano ikaw ay gayon sila; bawata' isay mahuhud sa mga anak ng isang hari. **19** At kaniyang sinabing: Sila'y aking mga kapatid, na mga anak ng aking ina: Buhay ang PANGINOON, kung inyong iniligtas silang buhay, hindi ko kayo papatayin. **20** At sinabi niya kay Jeter na kaniyang panganay: Bangon, at patayin mo sila. Ngunit ang bata'y hindi humawak ng tabak: sapagka't siya'y natakot, dahil sa siya'y bata pa. **21** Ng magkagayo'y sinabi ni Zeba at ni Zalmuna: Magbangon ka, at sumagupa ka sa amin: sapagka't kung paano ang pagka lalaki ay gayon ang kaniyang lakas. At nagbangon si Gideon, at pinatay si Zeba at si Zalmuna, at kinuha ang mga kalahating buan na nasa mga leeg ng kanilang mga kamello.

**22** Ng magkagayo'y, sinabi ng mga anak ng Israel kay Gideon: Magpuo ka sa amin ngayon, ikaw at ang iyong anak, at pati ng anak ng iyong anak: sapagka't iniligtas mo kami sa kamay ni Madian.

**23** At sinabi ni Gideon sa kanilang: Hindi ako magpuupo sa inyo, ó magpuupo man ang aking anak sa inyo: ang PANGINOON ang magpuupo sa inyo. **24** At sinabi ni Gideon sa kanilang: Ako'y hihingi ng isang kahilingan sa inyo, na bigyan ako ng bawata' isa sa inyo ng mga hikaw na kaniyang samsam. (Sapagka't sila'y may mga gintong singsing dahil sa sila'y mga Ismaelita.) **25** At sumagot silang: Mga ibibigay namin ng boong pag-ibig. At sila'y naglatag ng isang balabal, at inihagis doon ng bawata' isa ang mga singsing na kaniyang samsam. **26** At ang timbang ng mga gintong singsing na kaniyang hiniling, ay isang libo at pitong daang siklong ginto; bukod pa ang mga kalahating buan, at ang mga hikaw at ang mga damit na morado na nanga sa hari sa Madian, at bukod pa ang mga tanikala na nangasa leeg ng mga kamello. **27** At ginawang efod ni Gideon at inilagay sa kaniyang ciudad, sa makatuid baga'y sa Ofra: at ang boong Israel ay naparoreon na nakiaipid sa kaniya doon: at siyang naging ikinasilo ni Gideon at ng kaniyang bahay. **28** Gayon nangayupapa si Madian sa harap ng mga anak ng Israel, at hindi na nila itinaas pa ang kanilang ulo. At ang lupain ay nagpahingang apat na puong taon sa mga araw ni Gideon.

**29** At si Jerubaal na anak ni Joas ay yumaon at tumahan sa kaniyang sariling bahay. **30** At nagkaroon si Gideon ng pitong puong anak na lumabas sa kaniyang mga balakang: sapagka't siya'y mairroong maraming asawa. **31** At ang kaniyang babaye na nasa Sekem, nagkaanak naman sa kaniya ng isang lalaki, at kaniyang pinanganlang Abimelek. **32** At namatay si Gideon na anak ni Joas na may mabuting katandaan, at inilibing sa libingan ni Joas na kaniyang ama, sa Ofra ng mga Abiezerita.

**33** At nangyari, pagkamatay ni Gideon, na ang mga anak ng Israel ay nagbalik at nakiaipid sa mga Baal, at ginawang kanilang dios sa Baal-berit. **34** At hindi naalala ng mga anak ng Israel ang PANGINOON kanilang Dios, na siyang nagpapaging laya sa kanila sa kamay ng lahat nilang mga kaaway sa boong palibot: **35** o gumanti man lamang ng kagandahang-loob sa bahay ni Jerubaal, na siyang Gideon ayon sa lahat ng kabutihan na kaniyang ipinakita sa Israel.

**9** At si Abimelek na anak ni Jerubaal ay napasa Sekem, sa mga kapatid ng kaniyang ina, at nagpalita sa kanila, at sampio sa boong anak ng bahay ng ama ng kaniyang ina, na nagsabing: **2** Isina-ama ko sa inyo na inyong salitain sa mga pakinig ng lahat ng lalaki sa Sekem: ; Kung ano ang magaling sa inyo, na lahat na anak ni Jerubaal na pitong puong lalaki ay magpuno sa inyo, o isa ang magpuno sa inyo? alalahanin naman ninyo na ako ang inyong buto at inyong laman. **3** At sinalita ng mga kapatid ng kaniyang ina tungkol sa kaniya, sa mga pakinig ng lahat ng mga lalaki sa Sekem ang lahat ng salitang ito at ang kanilang mga puso ay kumiling na sumunod kay Abimelek, sapagka't kanilang sinabing: Siya'y ating kapatid. **4** At nagbigay sila ng pitong puong *pirasong* pilak, sa bahay ni Baal-herit, na siyang inuupa ni Abimelek sa mga tawong mapagpagayon-gayon at mga mapagwalawalan, na siyang mga sumunod sa kaniya. **5** At siya'y napaaroon sa bahay ng kaniyang ama sa Ofra, at pinatay ang kaniyang mga kapatid na mga anak ni Jerubaal, na pitong puong katawo, sa isang bato: nguni't si Jotam na pinakabunsong anak ni Jerubaal ay nalabi; sapagka't siya'y nagtago.

**6** At lahat ng lalaki sa Sekem ay nagpipisan at ang boong bahay ni Milo, at yumaon at ginawang hari si Abimelek sa tabi ng encina na nasa Sekem. **7** At ng kanilang saysayin kay Jotam, siya'y yumaon at tumayo sa taluktok ng bundok Gerizim, at itinaas ang kaniyang *voes*, at sumigaw, at nagsabi sa kanilang: Dingin ninyo ako, kayong mga lalaki sa Sekem, upang dingin kayo ng Dios. **8** Ang mga puno ng kahoy ay naghalal ng hari na minsan; at kanilang sinabi sa puno ng oliva: Maghari ka sa amin. **9** Nguni't sinabi ng puno ng olivo sa kanilang: ; Akin bang iwan ang aking katabaan, na siyang sa akin ay ikinararangal sa Dios at sa lalaki, at makipag-indayugan sa mga puno ng kahoy? **10** At sinabi ng mga punong kahoy sa puno ng higos: Halika, at maghari ka sa amin. **11** Nguni't sinabi ng puno ng higos sa kanilang: ; Akin bang iwan ang aking katabaan, at ang aking mabuting bunga, at yumaong makipag-indayugan sa mga puno ng kahoy? **12** At sinabi ng mga puno ng kahoy sa puno ng uvas: Halika at maghari ka sa amin. **13** At sinabi ng

puno ng uvas sa kanilang: ; Akin bang iwan ang aking alak, na nagpapasawa sa Dios at sa lalaki, at yumaong makipag-indayugan sa mga puno ng kahoy? **14** Ng magkagayo'y sinabi ng mga puno ng kahoy sa zarza: Halika't maghari ka sa amin. **15** At sinabi ng zarza sa mga puno ng kahoy: Kung tunay na ako'y inyong inihahalal na hari ninyo, parito nga kayo at magisa-a kayo sa aking lilim: at kung hindi, ay labasan ng apoy ang zarza at pugnawin ang mga cedro ng Libano. **16** Ngayon nga'y kung tapat at lubos na inyong ginawang hari si Abimelek, at kung gumawa kayo ng mabuti kay Jerubaal at sa kaniyang bahay, at kayo'y gumawa sa kaniya ng ayon sa marapat sa kaniyang mga kamay; **17** (sapagka't ipinapakiglaban kayo ng aking ama at inihadlang ang kaniyang bahay, at pinapaging laya kayo sa kamay ni Madian: **18** at kayo'y nagbangon laban sa bahay ng aking ama sa araw na ito, at pinatay ninyo ang kaniyang mga anak, na pitong puong lalaki, sa isang bato, at ginawa ninyong hari si Abimelek, na anak ng kaniyang aipung babaye, sa mga lalaki sa Sekem, sapagka't siya'y inyong kapatid.) **19** kung tapat nga at lubos na kayo'y gumanti kay Jerubaal at sa kaniyang bahay sa araw na ito, magalak nga kayo kay Abimelek, at magalak naman siya sa inyo: **20** nguni't kung hindi, labasan ng apoy si Abimelek, at pugnawin ang mga lalaki sa Sekem, at ang bahay ni Milo; at labasan ng apoy ang mga lalaki sa Sekem, at ang bahay ni Milo, at pugnawin si Abimelek. **21** At si Jotam ay tumakbong umalis, at tumakas, at napasa Beer, at tumahan doon, dahil sa takot kay Abimelek na kaniyang kapatid.

**22** At si Abimelek ay naging pangulo sa Israel na tatlong taon. **23** At nagsugo ang Dios ng isang namamang espiritu kay Abimelek at sa mga lalaki sa Sekem; at ang mga lalaki sa Sekem ay naglilo kay Abimelek: **24** upang ang dahas na ginawa sa pitong puong anak ni Jerubaal ay dumating, at upang ang kanilang dugo ay malagpak kay Abimelek na kanilang kapatid, na siyang pumatay sa kanila, at sa mga lalaki sa Sekem, na nagpalakas ng kaniyang mga kamay upang patayin ang kaniyang mga kapatid. **25** At binakayan siya ng mga lalaki sa Sekem sa mga taluktok ng mga bundukin, at kanilang ginagahis yaong lahat na dumadaan sa

daang yaon na malapit sa kanila; at isaysay kay Abimelek.

**26** At dumating si Gaal na anak ni Ebed na kasama ng kaniyang mga kapatid, at dumaan sa Sekem: at inilagak ng mga lalaki sa Sekem ang kanilang pag-asa sa kaniya. **27** At siya'y lumabas sa bukid, at namitas sa kanilang mga uvasan, at pinisa, at nagpapista, at napasabahay nang kanilang dios, at kumain at tuminom, at sinumpa si Abimelek. **28** At sinabi ni Gaal na anak ni Ebed: ¿Sino si Abimelek at sino si Sekem, upang aming paglingkuran siya? ¿hindi ba siya ang anak ni Jerubaal? ¿at si Zebul ay kaniyang puno? Maglingkod kayo sa mga lalaki ni Hamor na ama ni Sekem: nguni't ¿bakit kami maglilingkod sa kaniya? **29** At kahi manwari ang bayang ito'y mapasa ilalim ng aking kamay. Kung magkagayo'y aking bahalinhin si Abimelek. At kaniyang sinabi kay Abimelek: Dagdagan mo ang iyong kawal at lumabas ka. **30** At ng marinig ni Zebul na puno ng ciudad ang mga salita ni Gaal na anak ni Ebed, ang kaniyang galit ay nag-alab. **31** At siya'y nagsugong lihim ng mga sugo kay Abimelek, na sinabing: Narito, Si Gaal na anak ni Ebed at ang kaniyang mga kapatid ay naparoon kay Sekem; at, narito, kanilang hinihikayat ang ciudad laban sa iyo. **32** Ngayon nga'y bumangon ka sa kinagabihan, ikaw at ang bayan na kasama mo, at bakayan mo sa bukid: **33** at mangyayari, na sa kinauwagan, pagsikat ng araw, magbahangon kang maaga, at lalagay ka sa ciudad: at, narito, pagka siya at ang bayan na kasama niya ay lumabas laban sa iyo, magagawa mo nga sa kanila ang magingin ng iyong kamay.

**34** At nagbangon si Abimelek, at ang boong bayan na kasama niya, sa kinagabihan at binakayan nila si Sekem, na sila'y apat na pulutong. **35** At lumabas si Gaal na anak ni Ebed, at tumayo sa pasukan ng pintuang-ciudad; at si Abimelek ay nagbangon sa paghanap at ang bayan na kasama niya. **36** At ng makita ni Gaal ang bayan, kaniyang sinabi kay Zebul: Narito, bumababa ang bayan mula sa taluktok ng mga bundok. At sinabi ni Zebul sa kaniyang: Iyong nakikita'y mga lilim ng mga bundukin, na parang mga lalaki. **37** At nagsalita uli si Gaal, at nagsabing: Tingnan mo, bumababa ang bayan sa kalagitnaan ng lupa, at isang pulutong ay dumarating sa daan ng en-

cina ng Meonenim. **38** Ng magkagayo'y sinabi ni Zebul sa kaniyang: ¿Saan nandoon ngayon ang iyong bibig, na iyong ipinagsabing: ¿Sino si Abimelek upang tayo'y maglingkod sa kaniya? ¿hindi ba ito ang bayan na iyong niwalan ng kabuluhan? lumabas ka ngayon at makipagbaka sa kanila. **39** At lumabas si Gaal sa harap ng mga lalaki sa Sekem, at bumaka kay Abimelek. **40** At hinabol ni Abimelek siya, (at siya'y tumakas sa harap niya), at nabual ang maraming sugatan hangang sa pasukau ng pintuang daan. **41** At si Abimelek ay tumahan sa Aruma: at pinalayas ni Zebul si Gaal at ang kaniyang mga kapatid, upang sila'y huag tumahan sa Sekem. **42** At nangyari ng kinauwagan, na ang baya'y lumabas sa bukid: at kanilang isinaysay kay Abimelek. **43** At kaniyang kinuha ang bayan, at nga binahagi niya ng tatlong pulutong, at bumakay sa bakid; at kaniyang namasdan, at narito, ang bayan ay lumabas sa ciudad; at siya'y nagbangon laban sa kanila, at nga sinugatan niya. **44** At si Abimelek at ang mga pulutong na kasama niya ay nagsidaluhong at nagsitayo sa pintuang-daan ng ciudad: at ang dalawang pulutong ay dumaluhong doon sa lahat ng nasa bukid, at mga sinugatan nila. **45** At bumaka si Abimelek sa ciudad ng boong araw na yaon; at sinakop ang ciudad, at pinatay ang bayan na nasa loob niya: at iginiba ang ciudad, at hinasakan ng asin.

**46** At ng mabalitaan ng lahat ng lalaki sa moog ng Sekem yaon, sila'y nasok sa kuta na bahay ng El-berit. **47** At nasaysay kay Abimelek, na ang lahat ng tawo sa moog ng Sekem ay nagpipsisau. **48** At sumampa si Abimelek sa bundok ng Zalmon, siya at ang boong bayan na kasama niya, at sumungab si Abimelek ng isang palakol sa kaniyang kamay, at pumutol ng isang sang'a sa mga kahoy at itinaas, at ipinatong sa kaniyang balikat: at sinabi niya sa bayan na kasama niya: Kung ano ang makita ninyo na gawin ko, magmadali kayo, at gawin ninyo ang aking ginawa. **49** At ang boong bayan ay pumutol na gayon din ang baw't lalaki ng kanikaniyang sang'a, at sumunod kay Abimelek at nga inilagay sa kuta, at sinilaban ang kuta sa pamamag-itan noon; na ano pa't ang lahat ng lalaki sa moog ng Sekem ay namatay rin, na may isang libong lalaki at babaye.

**50** Ng magkagayo'y naparoon si Abimelek sa Tebez, at nagtayo ng kampaumento laban sa Tebez, at sinakop. **51** Ngunit may isang matibay na moog sa loob ng ciudad, at doo'y nagsikubli ang lahat na lalaki at babaye at ang lahat na nasa ciudad, at sinarhan, at nagsisampa sa pulupo ng moog. **52** At naparoon nga si Abimelek sa moog at lumaka, at lumapit sa pintuan ng moog, upang sumugin ng apoy. **53** At hinagis ng isang babaye, ng isang itaas na bato ng molihan ang ulo ni Abimelek at nabasag ang kaniyang bungo. **54** Ng magkagayo'y tinawag niyang madali ang bataang kaniyang tagadala ng sakbat, at sinabi niya sa kaniyang: Kunin mo ang iyong tabak, at patayin mo ako, upang huag sabihin sa akin ng tawong: Isang babaye ang pumatay sa kaniya. At pinalagpasan siya ng kaniyang bataan, at siya'y namatay. **55** At ng makita ng Israel na namatay si Abimelek, yumaon ang baw't lalaki sa kaniyang lugar. **56** Sa paraang ito ginanti ng Dios ang kasam-an ni Abimelek, na kaniyang ginawa sa kaniyang ama, sa pagpatay ng kaniyang pitong puong kapatid: **57** at ang boong kasam-an ng mga lalaki sa Sekem ay iginanti ng Dios sa kanilang mga ulo at dumating sa kanila ang sumpa ni Jotam na anak ni Jerabaal.

**10** At pagkamatay ni Abimelek ay bumangon duon, upang magligtas sa Israel, si Tola na anak ni Pua, na anak ni Dodo, na lalaki ng Isakar; at siya'y tumahan sa Samir sa lupaing maburo ng Efraim. **2** At kaniyang hinatulan ang Israel na dalawang puo't tatlong taon; at namatay, at inilibing sa Samir.

**3** At pagkamatay niya'y nagbangon si Jair, na Gileadita; at kaniyang hinatulan ang Israel na dalawang puo't dalawang taon. **4** At siya'y may tatlong puong anak na nangakakay sa tatlong puong asno, at sila'y may tatlong puong ciudad na tinatawag na Havoth-jair hangang sa araw na ito, na mga nasa lupain ng Gilead. **5** At namatay si Jair, at inilibing sa Kamon.

**6** At ginawa uli ng mga anak ng Israel ang kasam-an sa paningim ng PANGINOON, at naglingkod kay Baalim, at kay Astarot, at sa mga dios sa Siria, at sa mga dios sa Zidon, at sa mga dios sa Meab, at sa mga dios ng mga anak ni Ammon, at sa mga dios ng mga Filisteo; at iniwan nila ang PANGINOON, at hindi naglingkod sa kaniya. **7** At ang galit ng PANGINOON ay

nag-alab nga laban sa Israel, at ipinagbili sila niya sa kamay ng mga Filisteo, at sa kamay ng mga anak ni Ammon. **8** At kanilangsinalangsang at pinighati ang mga anak ng Israel ng taong yaon: labing walang taong pinighati ang lahat na mga anak ng Israel na mga nasa dako roon ng Jordan sa lupain ng mga Amorreo, na nasa Gilead. **9** At ang mga anak ng Ammon ay dumaan ng Jordan upang bumaka naman kay Juda, at kay Benjamin, at sa bahay ni Efraim; na ano pa't ang Israel ay totoong nagpiti. **10** At dumaging ang mga anak ng Israel sa PANGINOON, na nagsabing: Kami ay nagkasala laban sa iyo, sapagka't aming hiniwalayan ang aming Dios, at kami ay naglingkod kay Baalim. **11** At sinabi ng PANGINOON sa mga anak ng Israel: ¿Di ba pinapaging laya ko kayo sa mga taga Egipto, at sa mga Amorreo, sa mga anak ni Ammon, at sa mga Filisteo? **12** Ang mga Zidonio naman at ang mga Amalecita, at ang mga Maonita ay punighati sa inyo; at kayo'y dumaing sa akin, at pinapaging-laya ko kayo sa kanilang mga kamay. **13** Gayon na'y iniwan ninyo ako, at kayo'y naglingkod sa ibang mga dios: kaya't hindi ko na kayo papapaging layain. **14** Kayo'y yumaon at dumaing sa mga dios na inyong pinili; papaging layain kayo nila sa panahon ng inyong kahirapan. **15** At sinabi ng mga anak ng Israel sa PANGINOON: Kami ay nagkasala: gawin mo sa amin ang ano mang iyong mabutihin; isinasamo namin sa iyo, na papaging layain mo lamang kami sa araw na ito. **16** At kanilang inihwalay ang mga dios ng iba sa kanila, at naglingkod sa PANGINOON: at ang kaniyang kalulua ay nagdalambahati dahil sa karalitaan ng Israel.

**17** Ng magkagayon, ang mga anak ni Ammon ay nagpipisan, at nagtayo ng kampaumento sa Gilead. At ang mga anak ng Israel ay nagpipisan, at nagpatinga sa Mizpa. **18** At ang bayan, na mga pangulo sa Gilead, nagsasabihang isa't isa. ¿Sinong tawo ang magpapasimulang bumaka sa mga anak ni Ammon? siya ang magiging pangulo ng lahat na tumatahan sa Gilead.

**11** Ngayo'y si Jefta na Gileadita ay naging isang makapangyarihang lalaki na may tapang, at siya'y anak ng isang dalahira: at si Gilead ang may anak kay Jefta. **2** At ang asawa ni Gilead ay nagkaanak sa kaniya; at ng ang mga anak ng kaniyang asawa ay magsilaki, kanilang

pinalayas si Jefta, at sinabi nila sa kaniyang: Ikaw ay hindi magmamana sa bahay ng aking ama; sapagka't ikaw ay anak ng ibang babaye. **3** Ng magkagayoy'y tumakas si Jefta sa harap ng kaniyang mga kapatid, at tumahan sa lupain ng Tob: at doo'y nakipisan kay Jefta ang mga lalaking pagpagayongayon, at mga lumalabas sa kasama niya.

**4** At nangyari pagkaraan ng sandaling panahon, na ang mga anak ni Ammon ay nakipagbaka laban sa Israel. **5** At nangyari, na ng makipagbaka ang mga anak ni Ammon laban sa Israel, ang mga matanda sa Gilead naparoon upang dalhin si Jefta mula sa lupain ng Tob: **6** at kanilang sinabi kay Jefta: Halika't ikaw ay maging aming puno, upang kami ay makipagbaka sa mga anak ni Ammon. **7** At sinabi ni Jefta sa mga matanda sa Gilead: *¿Di ba kayo'y napoot sa akin at pinalayas ninyo ako sa bahay ng aking ama? at ¿bakit kayo'y naparirito sa akin ngayon, pagka kayo'y nasa kapipitan?* **8** At sinabi ng mga matanda sa Gilead kay Jefta: Kaya't kami ay nagbabalik sa iyo ngayon, upang ikaw ay yumaong kasama namin, at makipaglaban sa mga anak ni Ammon, at ikaw ang magiging pangulo sa lahat ng tumatahan sa Gilead. **9** At sinabi ni Jefta sa mga matanda sa Gilead: Kung paunwiin ninyo ako upang makipaglaban sa mga anak ni Ammon, at ibigay ng PANGINOON sila sa harap ko, *¿magiging pangulo ninyo ako?* **10** At nagsabi ang mga matanda sa Gilead kay Jefta: Ang PANGINOON ang maging saksi natin: tunay na ayon sa iyong salita ay gayon ang aming gagawin. **11** Ng magkagayoy'y si Jefta ay yumaong kasama ng mga matanda sa Gilead, at ginawa nila siyang pangulo at puno: at sinalita ni Jefta sa Mizpa ang lahat ng kaniyang salita sa harap ng PANGINOON.

**12** At nagsugo si Jefta ng mga sugo sa hari ng mga anak ni Ammon, na nagsabing: *¿Anong ipinakikialam mo sa akin, na ikaw ay naparirito sa akin upang makipagbaka sa aking lupain?* **13** At isinagot ng hari sa mga anak ni Ammon sa mga sugo ni Jefta: Sapagka't sinakop ng Israel ang aking lupain, ng siya'y sumampang galing sa Egipto, mula sa Arnon hangang sa Jabbok, at hangang sa Jordan: kaya't ngayoy'y ibalik mo ng payapa ang mga lupain iyan. **14** At nagsugo uli si Jefta ng mga sugo sa hari ng mga anak ni

Ammon: **15** at sinabi sa kaniyang: Gawaito ang sabi ni Jefta: Hindi sumakop ang mga anak ng Israel ng lupain ng Moab, o ng lupain ng mga anak ni Ammon: **16** kungdi sila'y sumampa mula sa Egipto, at ang Israel ay naglakad sa ilang hangang sa Dagat na Mapula, at pumaron sa Kades; **17** nagsugo nga ang Israel ng mga sugo sa hari sa Edom, na nagsabing: Isinasamo ko sa iyong parangin mo ako sa iyong lupain: nguni't hindi dininig ng hari sa Edom. At gayon din nagsugo siya sa hari sa Moab: nguni't hindi niya inibig: at ang Israel ay tumahan sa Kades. **18** Ng magkagayoy'y siya'y naglakad sa ilang, at lumiko sa lupain ng Edom, at sa lupain ng Moab, at naparoon sa dakong silangan ng lupain ng Moab, at sila'y nagpahinga sa kabilang dako ng Arnon; nguni't hindi sila pumasok sa hanganan ng Moab, sapagka't ang Arnon ay siyang hanganan ng Moab. **19** At nagsugo ang Israel ng mga sugo kay Sihon na hari ng mga Amorreo, na hari sa Hesbon; at sinabi ng Israel sa kaniyang: Isinasamo namin sa iyo na paraanin mo kami sa iyong lupain hangang sa aking lugar. **20** Nguni't si Sihon ay hindi nagkaroon ng pagkakatiwala sa Israel upang padaanin sa kaniyang hanganan: kungdi pinisan ni Sihon ang kaniyang boong bayan, at nagsitayo sa Jabez, at bumaka sa Israel. **21** At ibinigay ng PANGINOON, ng Dios ng Israel si Sihon, at ang kaniyang boong bayan sa kamay ng Israel, at sinugatan nila sila: sa gayoy'y inari ng Israel ang boong lupain ng mga Amorreo, ng mga tumatahan sa lupain yaon. **22** At kanilang inari ang boong hanganan ng mga Amorreo, mula sa Arnon hangang sa Jabbok, at mula sa ilang hangang sa Jordan. **23** Ngayon nga'y inalisan ng ari ng PANGINOON, ng Dios ng Israel ang mga Amorreo sa harap ng bayang Israel, *¿at iyong mga aarin?* **24** *¿Hindi mo ba aarin ang ibinigay sa iyo ni Kemos na iyong dios upang aarin?* Sino mang inalisan ng ari ng PANGINOON aming Dios sa harap namin, aming aarin ang tinatankilik ninyo. **25** At ngayoy'y mayaroon ka bang magaling na bagay kay Balak na anak ni Zipor, hari sa Moab? *¿Siya ba'y nakipagkaalit kailan man sa Israel o nakipagbaka man sa kanila?* **26** Samantalang ang Israel ay tumatahan sa Hesbon at sa kaniyang mga ciudad, at sa Aroer at sa kaniyang mga ciudad, at sa

lahat ng ciudad na nangasa tabi ng Arnon, na tatlong daang taon; ¿bakit hindi ninyo mga binawi ng panahong yaon? 27 Ako ngay hindi nagkasala laban sa iyo, ngunit ikaw ay umaapi ng pakikipagbala laban sa akin. Ang PANGINOON, ang Hukom, maging hukom sa araw na ito sa mga anak ng Israel at sa mga anak ni Ammon. 28 Gayon may hindi dininig ng hari ng mga anak ni Ammon ang mga salita ni Jefta na siyang nagsugo sa kaniya.

29 Ng magkagayo'y ang espiritu ng PANGINOON ay suma kay Jefta, at siya'y nagdaan ng Gilead at Manase; at nagdaan sa Mizpa ng Gilead, at mula sa Mizpa ng Gilead ay nagdaan siya sa mga anak ni Ammon. 30 At nagpanata si Jefta ng isang panata sa PANGINOON, at nagsabing: Kung tunay na iyong ibinigay ang mga anak ni Ammon sa aking kamay, 31 mangyari nga, na sino mang lumabas na sumalubong sa akin sa mga pintuan ng aking bahay, pagbabalik kong payapa na galing sa mga anak ni Ammon, magiging sa PANGINOON, at aking ihahandog na pinakahandog na susunugin. 32 Sa gayo'y nagdaan si Jefta sa mga anak ni Ammon upang bumala sa kanila; at mga ibinigay ng PANGINOON sa kaniyang kamay. 33 At mga sinugatan niya mula sa Aroer hangang sa Minit, na may dalawang puong ciudad, at hangang sa Abel-keramin, na may malaking paglipol. Sa gayo'y nangayupapa ang mga anak ni Ammon sa mga anak ng Israel.

34 At si Jefta ay napanon sa Mizpa sa kaniyang bahay: at, narito, ang kaniyang anak na babaye ay lumalabas na sinasalubong siya ng pandareta at ng sayaw: at siya ang kaniyang bugtong na anak; liban sa kaniya'y wala na siyang anak na lalaki o babaye man. 35 At nangyari, pagkita niya sa kaniya, na kaniyang kinamot ang kaniyang damit, at sinabing: Sa aba ko, aking anak pinapakumbala mo akong lubos, at ikaw ay isa sa mga humabagabag sa akin: sapagka't aking ibinuka ang aking bibig sa PANGINOON, at hindi na ako makapagbalik. 36 At sinabi niya sa kaniyang: Ama ko, iyong ibinuka ang iyong bibig sa PANGINOON, gawin mo sa akin ang ayon sa ipinangusap ng iyong bibig; yamang iginanti ng PANGINOON ka sa iyong mga kaaway, sa makatid bagay sa mga anak ni Ammon. 37 At sinabi niya sa kaniyang ama: Ipagawa mo sa akin ito: Pahintulutan mo akong dalawang buan, upang ako'y humiwalay

at yumaon sa mga bundukin at aking iyan kan ang aking pagkavirgen, ako at ng aking mga kasama. 38 At kaniyang sinabing: Yumaon ka. At pinapagpalam niya siyang dalawang buan: at siya'y yumaon, siya at ang kaniyang mga kasama, at inirakan ang kaniyang pagkavirgen sa mga bundukin. 39 At nangyari, sa katapusan ng dalawang buan, na siya'y nagbalik sa kaniyang ama, na ginawa sa kaniya ang ayon sa kaniyang panata na kaniyang ipinanata: at siya'y hindi nakakilala ng lalaki. At naging kaugalian sa Israel, 40 na ipinagdidiwang taonta ng mga anak na babaye ng Israel ang anak ni Jefta na Gileadita, na apat na araw sa isang taon.

12 At ang mga lalaki ni Efraim ay nagpipisan at nagdaan sa dakong hilagang: at sinabi nila kay Jefta: ¿Bakit ikaw ay nagpatuloy na bumaka sa mga anak ni Ammon, at hindi mo kami tinawagan upang yumaong kasama mo? susunugin namin ang iyong bahay sa iyo ng apoy. 2 At sinabi ni Jefta sa kanilang: Ako at ang aking bayan ay may malaking pakikipagtalos sa mga anak ni Ammon; at ng tawagan ko kayo ay hindi ninyo ako iniligtas sa kanilang kamay. 3 At ng makita ko na ako'y hindi ninyo iniligtas, aking inilagay ang aking buhay sa aking kamay, at ako'y nagdaan laban sa mga anak ni Ammon, at mga ibinigay ng PANGINOON sa aking kamay: ¿bakit nga sinasampa ninyo ako sa araw na ito, upang makipaglaban sa akin? 4 Ng magkagayo'y pinisan ni Jefta ang mga lalaki sa Gilead, at nakipaglaban kay Efraim; at sinugatan ng mga lalaki ng Gilead ang Efraim, sapagka't kanilang sinabing: Kayo'y mga ligaw ng Efraim, kayong mga Gileadita, sa gitna ng Efraim, at sa gitna ng Manases. 5 At sinakop ng mga Gileadita ang mga daraan sa Jordan sa dako ng mga Efraimita: at nangyari, na pagka sinabi ng mga ligaw ni Efraim: Paraanin mo ako; sinasabi ng mga lalaki ng Gilead sa kaniyang: ¿Ikaw ba'y Efraimita? Kung kaniyang sabihing, Hindi; 6 sinasabi nga nila sa kaniyang: Sabihin mong Siboleit; at sinasabing: Siboleit; sapagka't hindi matumpakang sabihing matuid; kung magkagayo'y kanilang hinuhuli, at pinapatay siya sa mga daraan ng Jordan: at nahulog ng panahong yaon kay Efraim ay apat na puo't dalawang libo.

7 At humatol si Jefta sa Israel na

anin na taon. Ng magkagayo'y namatay si Jefta na Gileadita, at inilibing sa isang ciudad ng Gilead.

8 At pagkamatay niya'y si Ibzang taga Bet-lehem ang humatol sa Israel. 9 At siya'y nagkaanak ng tatlong puong lalaki, at ang tatlong puong anak na babaye ay kaniyang inilabas, at tatlong puong anak na babaye ay kaniyang ipinasok para sa kaniyang mga anak na lalaki. At hinatulan niya ang Israel na pitong taon. 10 At si Ibzang ay namatay, at inilibing sa Bet-lehem.

11 At pagkamatay niya'y si Elon na Zebulonita ang humatol sa Israel; at hinatulan niya ang Israel na sampuon taon. 12 At si Elon na Zebulonita ay namatay, at inilibing sa Ayalon sa lupain ng Zebulon.

13 At pagkamatay niya'y si Abdon na anak ni Hillel na Piratonita ang humatol sa Israel. 14 At siya'y nagkaroon ng apat na puong anak at tatlong puong apo na sumasakay sa pitong puong pellino: at kaniyang hinatulan ang Israel na walong taon. 15 At si Abdon na anak ni Hillel na Piratonita ay namatay, at inilibing sa Piraton sa lupain ng Efraim, sa lupaing maburot ng mga Amalecita.

13 At ang mga anak ng Israel ay gumawa uli ng kasam-an sa paningin ng PANGINOON; at ibinigay ng PANGINOON sila sa kamay ng mga Filisteo na apat na puong taon.

2 At may isang lalaki sa Zora, sa anak ng mga Danita, na ang pangalaya Manoa; at ang kaniyang asawa ay baog, at walang anak. 3 At napakita ang angel ng PANGINOON sa babaye, at nagsabi sa kaniyang: Narito ngayon, ikaw ay baog at hindi ka nanganganak: nguni't ikaw ay maglilahi at manganganak ng isang lalaki. 4 Ngayon nga'y mag-ingat ka, isinasamo ko sa iyo, at huag kang uminom ng alak o ng inuming nakalalasing, at huag kang kumain ng ano mang maruming bagay; 5 sapagka't narito, ikaw ay maglilahi at manganganak ng isang lalaki; at walang pang-ahit na daraan sa kaniyang ulo: sapagka't ang bata ay magiging Nazareo sa Dios, mula sa tiyan: at kaniyang pasimulang iligtas ang Israel sa kamay ng mga Filisteo. 6 Ng magkagayo'y ang babaye'y yumaon at isinaysay sa kaniyang asawa, na sinabing: Isang lalaki ng Dios ay naparito sa akin, at ang kaniyang hichura ay gaya ng hichura ng angel ng Dios, kakilakilabot; at hindi ko

tinanong siya kung siya'y taga saan, o sinaysay man niya sa akin ang kaniyang pangalan: 7 nguni't sinabi niya sa akin: Narito, ikaw ay maglilahi, at manganganak ng isang lalaki. At ngayo'y huag kang uminom ng alak, o ng inuming nakalalasing man, at huag kang kumain ng ano mang maruming bagay; sapagka't ang bata'y magiging Nazareo sa Dios mula sa tiyan hangang sa kaniyang kamatayan. 8 Ng magkagayo'y nanalangin si Manoa sa PANGINOON, at nagsabing: Isinasamo ko sa iyo, Oh Panginoon, na pabalikin mo uli ang lalaki ng Dios na iyong sinugo sa akin, at ituro sa amin kung ano ang aming gagawin sa bata na ipanganganak. 9 At dininig ng Dios ang voces ni Manoa; at nagbalik ang angel ng Dios sa babaye gaya ng siya'y nakaupo sa bukid: nguni't si Manoa na kaniyang asawa ay hindi niya kasama. 10 At nagmadali ang babaye, at tumakbo, at isinaysay sa kaniyang asawa, at sinabi sa kaniyang: Narito, ang lalaki napakita sa akin, na siyang naparito sa akin ng ibang araw. 11 At nagbangon si Manoa, at sunund sa kaniyang asawa, at napaaroon sa lalaki, at nagsabi sa kaniyang: ¿Ikaw ba ang lalaki na nagsalita sa babaye? At kaniyang sinabing: Ako nga. 12 At sinabi ni Manoa: Ngayo'y pagka ang iyong mga salita ay nangyari: ¿ano nga ang gagawing ayos sa bata, at paano ang aming gagawin sa kaniya? 13 At sinabi ng angel ng PANGINOON kay Manoa: Sa lahat ng aking sinabi sa babaye ay mag-ingat siya. 14 Siya'y hindi makalalakain ng ano mang bagay na nangagaling sa uwasan, o uminom man lamang ng alak o ng inuming nakalalasing, o kumain man ng ano mang maruming bagay; lahat ng iniutos ko sa kaniya ay sundin niya. 15 At sinabi ni Manoa sa angel ng PANGINOON: Isinasamo ko sa iyo na ikaw ay aming mapigil, upang maipagluto ka namin ng isang anak ng kambing. 16 At sinabi ng angel ng PANGINOON kay Manoa: Baga man ako'y iyong pigiliin, hindi ako kakain ng iyong pagkain: at kung ikaw ay maghahanda ng handog na susunugin, iyong nararapat ihandog sa PANGINOON. Sapagka't hindi nalalaman ni Manoa na siya'y angel ng PANGINOON. 17 At sinabi ni Manoa sa angel ng PANGINOON: ¿Ano ang iyong pangalan, upang pangyayari ng iyong mga salita ay mabigyan ka namin ng karangalan? 18 At sinabi ng angel ng PANGINOON sa kaniyang:

; Bakit mo itipatanog ang aking pangalan, kung sa bagay ay kamanghamangha? **13** Sa gayo'y kumuha si Mano'a ng isang anak ng kambing sampun ng bandog na harina, at inihandog sa PANGINOON sa ilabaw ng bato: at gumawa ng kamanghamangha ang *angel*, at minamasdan ni Mano'a at ng kaniyang asawa: **20** Sapagka't nangyari, ng ang alab ay umilanglang sa langit mula sa altar, na ang *angel* ng PANGINOON ay napailanglang sa alab ng altar: at minasdan ni Mano'a at ng kaniyang asawa; at sila'y nangapasubob sa lupa. **21** Ngunit hindi na napakita ang *angel* ng PANGINOON kay Mano'a o sa kaniyang asawa. Ng magkagayo'y nakilala ni Mano'a na siya'y *angel* ng PANGINOON. **22** At sinabi ni Mano'a sa kaniyang asawa: Walang pagsalang tayoy mamamatay, sapagka't ating nakita ang Dios. **23** Ngunit sinabi ng asawa niya sa kaniyang: Kung nalulugod ang PANGINOON na patayin tay; hindi sana niya tinangap ang bandog na susunugin at ang bandog na harina sa ating kamay, o ipinakita man sa atin ang labat ng bagay na ito, o nasaysay man sa panahong ito, ang mga bagay na gawa nito. **24** At nanganak ang babaye ng isang lalaki, at tinawag ang kaniyang pangalan na Samson. At ang bata'y lumaki, at pinagpala ng PANGINOON siya. **25** At pinasimulang kinilos siya ng espiritu ng PANGINOON sa Mahane-dan, sa pag-itan ng Zora at ng Estaol.

**14** At bumaba si Samson sa Timna, at nakita ang isang babaye sa Timna sa mga anak ng mga Filisteo. **2** At siya'y sumampa, at isinaysay sa kaniyang ama at sa kaniyang ina, at sinabing: Aking nakita ang isang babaye sa Timna sa mga anak ng mga Filisteo: ngayon nga'y kunin mo siya na aking asawa. **3** Ng magkagayo'y sinabi ng kaniyang ama at ng kaniyang ina sa kaniyang: ; Wala na bang babaye sa mga anak ng iyong kapatid, o sa aking boong bayan, upang huag mag-asawa ka sa mga di tuling Filisteo? At sinabi ni Samson sa kaniyang ama: Kunin mo siya sa akin; sapagka't siya'y nakalulugod sa aking maibiti. **4** Ngunit hindi nalalapan ng kaniyang ama at ng kaniyang ina, na kalooan ng PANGINOON; dahil sa siya'y humahanap ng paraan laban sa mga Filisteo: Ng panahong yaon nga'y nagpupuno ang mga Filisteo sa Israel.

**5** Ng magkagayo'y bumaba si Samson,

at ang kaniyang ama, at ang kaniyang ina, sa Timna, at napaoron sa uvasan ng Timna: at narito, may isang tutang leon ay umuungal laban sa kaniya. **6** At ang espiritu ng PANGINOON ay makapangyarihang sumakaniya, at dinaluhong niya na parang kaniyang dinaluhong ang isang anak ng kambing, at siya'y walang ano man sa kaniyang kamay: ngunit hindi niya sinaysay sa kaniyang ama o sa kaniyang ina kung ano ang kaniyang ginawa. **7** At siya'y bumaba at nakipag-usap sa babaye, at siya'y nakalulugod na maibiti kay Samson. **8** At pagkaraan ng sandali ay siya'y nagbalik upang kunin niya siya, at siya'y lumiko upang tingnan ang katawan ng leon: at, narito, may isang bahay ng bubuyog sa loob ng katawan ng leon at pulot-pukyutan. **9** At kaniyang dinala sa kaniyang kamay at yumaon na kinakain niya samantalang siya'y yumayon, at siya'y napaoron sa kaniyang ama at ina, at ibinigay sa kanila, at kanilang kinain; ngunit hindi niya sinaysay sa kanila na kaniyang kinuha ang pulot sa katawan ng leon. **10** At binaba ng kaniyang ama ang babaye: at gumawa si Samson ng isang kasayahan doon; sapagka't kinagaliang ginagawang gayon ng binata. **11** At nangyari, pagkakita nila sa kaniya, na sila'y nagdala ng tatlong puong kasama, upang maging kasama niya. **12** At sinabi ni Samson sa kanilang: Pagbubugtungan ko kayo: kung maisaysay niyo sa akin sa loob ng pitong araw ng kasayahan, at inyong maturingan, bibigyan ko nga kayo ng tatlong puong kasuotang kayong puti at tatlong puong bihisan: **13** ngunit kung hindi niyo maisaysay sa akin, bibigyan nga niyo ako ng tatlong puong kasuotang kayong puti at ng tatlong puong bihisan. At kanilang sinabi si kaniyang: Ibugtong mo ang iyong bugtong, upang aming marinig. **14** At sinabi niya sa kanilang:

Sa manglalamon ay lumabas ang pagkain,

At sa malakas ay lumabas ang katamisan.

At hindi nila maisaysay sa tatlong araw. **15** At nangyari, ng ikapitong araw, na kanilang sinabi sa asawa ni Samson: Dayain mo ang iyong asawa, upang maisaysay niya sa amin ang bugtong, sa ibang paraan ay susunugin namin ikaw at ang bahay ng iyong ama. ; Inanyayahan ba niyo kami upang samsaman? ; Hindi ba gayon?



**16** At umiyak ang asawa ni Samson sa harap niya, at nagsabing: Kinapopootan mo lamang ako, at hindi mo ako iniibig: ikaw ay nagbugtong ng isang bugtong sa mga anak ng aking bayan, at hindi mo isinaysay sa akin. At sinabi niya sa kaniyang: Narito, hindi ko isinaysay sa aking ama, o sa aking ina man, at aking sasaysayin sa iyo? **17** At umiyak siya sa harap niya sa pitong araw, hangang sa natapos ang kanilang kasayahan: at nangyari ng ikapitong araw, na isinaysay niya, sa kaniya, sapagka't siya'y nahabag sa kaniya: at isinaysay niya ang bugtong sa mga anak ng kaniyang bayan. **18** At sinabi ng mga lalaki sa ciudad kay Samson ng ikapitong araw bago lumubog ang araw: ¿Alin kaya ang tatamis kay sa pulot? ¿at sino pa kaya ang lalakas kay sa leon? at sinabi niya sa kanilang:

Kung hindi kayo nagbukid ng aking dumalaga,

Hindi sana minyo naturingnan ang aking bugtong.

**19** At ang espiritu ng PANGINOON ay makapangyarihang sumakaniya, at siya'y bumaba sa Askelon, at sumugat ng tatlong puong lalaki sa kanila, at kinuha ang sampam sa kanila, at ibinigay ang mga bihisan sa mga nakaturing ng bugtong at ang kaniyang galit ay nag-alab, at siya'y sumampa sa bahay ng kaniyang ama. **20** Nguni't ang asawa ni Samson ay ibinigay sa kaniyang kasama, na siya niyang inaaring parang kaniyang kaibigan.

**15** Nguni't nangyari pagkatapos ng sandaling panahon, sa panahon ng pag-aani ng trigo, na dumalaw si Samson na may dalang isang anak ng kambing sa kaniyang asawa; at kaniyang sinabing: Aking papasukin ang aking asawa sa loob ng silid; Nguni't hindi pinapasok siya ng kaniyang binaan. **2** At sinabi ng kaniyang binaan: Aking tunay na inisip na iyong lubos na kinapootan siya; kaya't aking ibinigay siya sa iyong kasama: ¿di ba ang kaniyang kapatid na bata ay maganda kay sa kaniya? isinasamo ko sa iyo na kunin mo siya sa lugar niya. **3** At sinabi ni Samson sa kanilang: Magiging walang sala nga ako kay sa mga Filisteo, pagka ginawan ko sila ng kasam-an. **4** At yumaon si Samson at himuli ng tatlong daang zorra, at kumuha ng mga sigsig at pinagkabitkabit ang mga buntot, at nilagyan ng isang sigsig sa gitna ng pag-itan ng bawa't dalawang buntot. **5** At ng kaniyang mapulsulan

ang mga sigsig, kaniyang binitiwang sa nakatindig na trigo ng mga Filisteo; at sinunog kapua ang mga mangdala at ang nakatayong trigo, at gayon din ang mga olivahan. **6** Ng magkagayo'y sinabi ng mga Filisteo: ¿Sinong gumawa nito? At kanilang sinabing: Si Samson, ang manugang ni Timnateo, sapagka't siya'y kumuha ng kaniyang asawa at ibinigay sa kaniyang kasama. At sinampa ng mga Filisteo, at sinunog ang babaye at ang kaniyang ama. **7** At sinabi ni Samson sa kanilang: Kung ginawa ninyo sa ganitong paraan, walang pagalang aking igaganti sa inyo; at pagkatapos ako'y magtitigil. **8** At sinugatan niya sila, sa hita at balakang na kaakbay ang malaking pagpatay: at siya'y bumaba at tumahan sa isang puang ng batuhan sa Etam.

**9** Ng magkagayo'y sumampa ang mga Filisteo, at nagtayo sa Juda, at nagsikalat sa Lehi. **10** At sinabi ng mga lalaki sa Juda: ¿Bakit kayo sumampa lahan sa amin? At kanilang sinabing: Upang gapusin si Samson, kami sumampa, upang gawin sa kaniya ang gaya ng ginawa niya sa amin. **11** Ng magkagayo'y ang tatlong daang lalaki sa Juda ay bumaba sa puang ng batuhan sa Etam, at sinabi kay Samson: ¿Hindi mo ba nalalaman na ang mga Filisteo ay nagpupuno sa atin? ¿ano nga itong ginawa mo sa amin? At sinabi niya sa kanilang: Kung paano ang ginawa nila sa akin ay gayon ang ginawa ko sa kanila. **12** At sinabi nila sa kaniyang: Kami ay bumaba ng gapusin ka, upang maibigay ka namin sa kamay ng mga Filisteo. At sinabi ni Samson sa kanilang: Sumumpa kayo sa akin, na hindi kayo ang sasakit sa akin. **13** At sinalita nila sa kaniyang: Hindi; kundi gagapusin ka lamang namin, at ibibigay sa kanilang kamay: nguni't tunay na hindi ka namin papatayin. At kanilang ginapos siya ng dalawang bagong lubid, at isinampa mula sa batuhan. **14** Ng siya'y dumating sa Lehi, ang mga Filisteo ay nagsisigawan samantalang sinasalubong nila siya: at ang espiritu ng PANGINOON ay makapangyarihang sumakaniya, at ang mga lubid na nasa kaniyang mga braso ay naging parang lino na nastupok sa apoy, at ang kaniyang mga tali ay natunaw sa kaniyang mga kamay. **15** At siya'y nakasumpung ng isang bagong panaga ng asno, at iniunat ang kaniyang kamay, at kinuha, at isinugat sa isang libong lalaki. **16** At sinabi ni Samson:

Sa pamamag-itan ng panğa ng isang asno, nagkabuntunbunton,

Sa pamamag-itan ng panğa ng isang asno ay sumugat ako ng isang libong lalaki.

**17** At nangyari, pagkatapos niyang makapagsalita, na kaniyang inibagis ang panğa sa kaniyang kamay, at ang lugar na yaoy tinawag na Ramat-lehi.

**18** At siya'y nachaw na mainam, at tumawag sa PANGINOON, at nagsabing: Iyong ibinigay ilong dakilang kabigayan sa kamay ng iyong alipin: ¿at ngayoy ako'y mamamatay dahil sa uhaw at malalaglag sa kamay ng mga hindi tuli?

**19** Ngunit binuksan ng Dios ang isang butas na nasa Lehi, at nilabasan ng tubig yaon; at ng siya'y makainom, ang kaniyang espiritu ay nagbalik, at siya'y nabuhay: kaya't ang ipinangalan sa balong na yaon, ay balong ng En-hakkore, na nasa Lehi hangang sa araw na ito. **20** At kaniyang hinatulan ang Israel sa mga araw ng mga Filisteo, ng dalawang puong taon.

**16** At naparoon si Samson sa Gaza, at nakakita roon ng isang dalahira, at sumiping sa kaniya. **2** At *ibinalita* sa mga taga Gaza, na sirabing: Si Samson ay naparito. At kanilang binakuran siya, at binakayan siya boeng gabi, sa pintuang daan ng ciudad, at tahimik boeng gabi, na sinabing: *Maghintay tayo* hangang magbukang liwayway, kung magkagayo'y papatayin natin siya. **3** At si Samson ay humilig hangang sa hating gabi, at nagbangon sa hating gabi at humawak sa mga pinto ng pintuang-daan ng ciudad, at sa dalawang haligi, at mga binunot, sampung ng sikang, at mga ipinatong sa kaniyang mga balikat, at mga isinampa sa taluktok ng bundok na nasa tapat ng Hebron.

**4** At nangyari pagkatapos, na siya'y unibig sa isang babaye sa libis ng Sorek, na ang pangala'y Delila. **5** At sinampa ng mga maginoo ng mga Filisteo siya, at sinabi sa kaniyang: Payain mo siya, at tingnan mo kung saan nagpapahinga ang kaniyang dakilang kalakasan, at sa anong paraan maaanag kami laban sa kaniya upang aning matalian at mapighati siya: at libigyan ka ng bawat isa sa amin ng isang libo't isang daang pirasong pilak. **6** At sinabi ni Delila kay Samson: SAYSAYIN MO SA AKIN, ISINASAMO KO SA IYO, KUNG SAAN NAGPAPAHINGA ANG IYONG DAKILANG KALAKASAN, AT PAANONG ANG IYONG KA-

paugyarihan ay matatalian upang pighatlin ka. **7** At sinabi ni Samson sa kaniyang: Kung tatalian nila ako ng pitong sariwang yantok na kailan man ay hindi natuyo, ay hihina ako, at ako'y magiging para ng alin mang tao. **8** Ng magkagayo'y nagdala ang mga maginoo ng mga Filisteo sa kaniya ng pitong sariwang yantok na hindi pa natuyo, at mga itinali niya sa kaniya. **9** Ngayoy may mga bakay nasa silid. At sinabi niya sa kaniyang: Ang mga Filisteo ay nandito Samson. At kaniyang pibatid ang mga yantok, na parang taling yonot pagka naddikitang ng apoy. Sa gayoy ang kaniyang lakas ay hindi nalaman. **10** At sinabi ni Delila kay Samson: Barito, dinaya mo ako, at pinagbulaanan mo ako: isinasamo ko ngayon sa iyo na saysayin mo sa akin na kung sa ano matatalian ka. **11** At sinabi niya sa kaniyang: Kung tatalian lamang nila ako ng mga lagong lubid na hindi pa magagawa, hihina nga ako at magiging para ng alin mang tawo. **12** Sa gayoy kumuha si Delila ng mga lagong lubid, at itinali sa kaniya, at sinabi sa kaniyang: Ang mga Filisteo ay nandito sa iyo, Samson. At ang mga bakay ay nasa silid. At mga pinatid niya sa kaniyang kamay na parang siulid. **13** At sinabi ni Delila kay Samson: Hangang dito'y dinaya mo ako, at pinagbulaanan mo ako: saysayin mo sa akin kung paanong matatalian ka. At sinabi niya sa kaniyang: Kung iyong tawahin ang pitong trintas sa aking ulo ng pahalang sa kayo. **14** At kaniyang pinagtibay ng tulos, at sinabi sa kaniyang: Ang mga Filisteo ay nandito sa iyo, Samson. At siya'y gumising sa kaniyang pagkakatu-log, at binunot ang tulos ng habihan, at ang pahalang. **15** At sinabi niya sa kaniyang: ¿Bakit nasasabi mo, iniibig kita, sa bagay ang iyong puso ay hindi sumasaakin? dinaya mo akong makaitlo, at hindi mo isinaysay sa akin kung saan nagpapahinga ang iyong dakilang kalakasan. **16** At nangyari, ng kaniyang igiit araw-araw, at kaniyang ipilit sa kaniya, na ang kaniyang loob ay nabagbag, upang mamatay. **17** At isinaysay niya sa kaniya ang kaniyang boeng puso, at sinabi sa kaniyang: Walang pang-ahit na nagdaan sa aking ulo; sapagka't ako'y naging Nazarco sa Dios mula sa tiyan ng aking ina: kung ako'y ahitan, hihiwalay nga sa akin ang aking lakas, at ako'y hihina, at magiging para ng alin mang tawo. **18** At

n̄g makita ni Delila na sinaysay sa kaniya ang boong puso niya, kaniyang sinugo at tinawag ang mga maginoo sa mga Filisteo, at sinabing: Sumampa na lamang kayong minsan, sapagka't sinaysay niya sa akin ang boong puso niya. N̄g magkagayo'y sinampa siya n̄g mga maginoo sa mga Filisteo, at dala ang salapi sa kanilang kamay. **19** At pinatulog niya siya sa kaniyang mga tuhod; at tinawag niya ang mga lalaki, at inahit ang pitong tirintas sa kaniyang ulo; at pinasimulan niyang pighatiin siya, at ang kaniyang lakas ay yumaon sa kaniya. **20** At sinabi niyang: Ang mga Filisteo ay nandito sa iyo, Samson. At siya'y gumising sa kaniyang pagkakatulog, at sinabing: Ako'y lalabas na gaya ng dati, at aking papalisin. Nguni't hindi niya talos na ang PANGINOON'y humiwalay sa kaniya. **21** At hinuli n̄g mga Filisteo, at dumikit ang kaniyang mga mata; at ibinaba nila sa Gaza, at tinalian siya n̄g mga pangaw na tanso; at siya'y gumiling sa bilangguan. **22** Gayon may nagpasimulang tumubo uli ang buhok n̄g kaniyang ulo, pagkatapos na siya'y maahitan.

**23** At nagpipisan ang mga maginoo n̄g mga Filisteo upang maghandog n̄g isang dakilang hayin sa Dagon na kanilang dios, at magalak: sapagka't kanilang sinabing: Ibinigay n̄g ating dios si Samson na ating kaaway, sa ating kamay. **24** At n̄g makita siya n̄g bayan, kanilang pinuri ang kanilang dios: sapagka't kanilang sinabing: Ibinigay n̄g ating dios sa ating kamay ang ating kaaway, ang mangwawasak sa ating lupain, ang pumatay sa marami sa atin. **25** At nangyari, n̄g masayahan ang kanilang puso, ay kanilang sinabing: Tawagin si Samson, upang gumawa siya sa atin n̄g kaaliwan. At tinawag n̄g si Samson sa bilangguan; at siya'y gumawa n̄g kaaliwan sa harap nila: at kanilang inilagay sa pag-itan n̄g mga haligi. **26** At sinabi ni Samson sa bata na umaakay n̄g kamay: Papagpahingahiu mo ako na aking mahipo ang mga haliging pumipigil n̄g bahay, upang aking mga hiligan. **27** Ang bahay nga ay puno n̄g lalaki at babaye, at ang lahat na maginoo n̄g mga Filisteo ay nandoon; at sa pulupo ay may mga tatlong libong lalaki at babaye, na nanonood samantalang gumagawa n̄g kaaliwan si Samson. **28** At tumawag si Samson sa PANGINOON, at sinabing, Oh Panginoong Dios, isinasamo ko sa iyo na

alalahanin mo ako, at isinasamo ko sa iyong palakasin mo ako, na minsan na lamang, Oh Dios, upang maiganti kong paminsan sa mga Filisteo ang aking dalawang mata. **29** At si Samson ay pumigil sa dalawang gitnang haligi na pumipigil n̄g bahay, at sumuhay sa mga yaon, ang isa sa kaniyang kanang kamay, at ang isa'y sa kaniyang kaliwa. **30** At sinabi ni Samson: Mamatay akong kasama n̄g mga Filisteo. At itinulak niya n̄g kaniyang boong lakas; at ang bahay ay bumagsak sa mga maginoo, at sa boong bayan na nandoon sa loob. Sa gayo'y ang mga namatay na kaniyang pinatay sa kaniyang kamatayan ay higit kay sa pinatay niya sa kaniyang kabuhayan. **31** N̄g magkagayo'y bumaba ang kaniyang mga kapatid at ang boong bahay n̄g kaniyang ama, at kinuha siya, at isinampa siya, at inililing siya sa pag-itan n̄g Zora at Estaol sa libingan ni Manoa na kaniyang ama. At kaniyang hinatulan ang Israel na dalawang puong taon.

**17** At may isang lalaki sa lupaing maburot n̄g Efraim, na ang pangala'y Mika. **2** At sinabi niya sa kaniyang ina: Ang isang libo at isang daang *pirasong* pilak na kinuha sa iyo, na siyang ikinatungayaw mo, at sinalita mo naman sa aking mga pakinig, narito, ang pilak ay nasa akin; aking kinuha. At sinabi n̄g kaniyang ina: Pagpalain ang aking anak n̄g PANGINOON. **3** At isinauli niya ang isang libo at isang daang *pirasong* pilak sa kaniyang ina, at sinabi n̄g kaniyang ina: Aking tunay na itinalaga n̄g aking kamay ang pilak na ito sa PANGINOON, para sa aking anak, upang igawa n̄g isang larawang hinichurahan at n̄g isang larawang binubo: kaya ngayo'y isasauli ko sa iyo. **4** At n̄g kaniyang isauli ang salapi sa kaniyang ina, kumuha ang kaniyang ina n̄g dalawang daang *pirasong* pilak, at mga ibinigay sa mga mangbububo, na siyang gumawa n̄g isang larawang hinichurahan at n̄g isang larawang binubo; at nasa bahay ni Mika. **5** At ang lalaking si Mika ay nagkaroon n̄g isang bahay n̄g mga dios, at siya'y gumawa n̄g isang efoad at mga teraf at itinalaga ang isa sa kaniyang mga anak, na maging kaniyang sacerdote. **6** N̄g mga araw na yaon ay walang hari sa Israel: bawata't tawo'y gumagawa n̄g matuid sa kaniyang sariling mga mata.

**7** At may isa namang binata sa Bet-

lehem-juda, sa angkan ni Juda; na isang Levita, at siya'y nangngibang-bayan doon. **8** At ang lalaki ay umalis sa cuidad, sa Det-lehem-juda, upang maglakbay kung saan siya makakastumpung ng isang lugar: at siya'y naparoon sa lupaing maburot ng Efraim, sa bahay ni Mika habang siya'y naglalakbay. **9** At sinabi ni Mika sa kaniyang: ?Saan ka galing? At sinabi niya sa kaniyang: Ako'y Levita sa Bet-lehem-juda, at ako'y nangngibang bayan kung saan ako makastumpung ng lugar. **10** At sinabi ni Mika sa kaniyang: Tumahan ka sa akin, at ikaw ay maging sa akin ay isang ama at isang sacerdote, at bibigyan kita ng sampung pirasong pilak isang taon, at ng bihisan, at ng iyong pagkain. Sa gayo'y ang Levita ay pumasok. **11** At ang Levita ay nakipagkasundong tumahang kasama ng lalaki: at ang binata ay nasa kaniya na parang isa sa kaniyang mga anak. **12** At itinalaga ni Mika ang Levita, at ang binata ay naging kaniyang sacerdote, at nasa bahay ni Mika. **13** Ng magkagayo'y sinabi ni Mika: Ngayo'y talastas ko, na gagawanako ng maabuti ng PANGINOON, yamang ako'y may isang Levita na pinakasacerdote.

**18** Ng mga araw na yaon ay walang hari sa Israel: at ng panahong yaon ay humahanap ang angkan ng mga Danita, ng isang mana na matatahanan; sapagka't hangang sa araw na yaon, ay hindi nahuhulog sa mga angkan ng Israel ang isang sapat na mana. **2** At ang mga anak ni Dan ay nagsugo ng limang lalaki sa kanilang angkan, sa kanilang kabuoang bilang, mga lalaking may tapang, na mula sa Zora, at sa Estaol, upang tiktikan ang lupain, at kilalanin; at sinabi nila sa kanilang: Kayo'y yumaon, at inyong kilalanin ang lupain: at sila'y naparoon sa lupaing maburot ng Efraim, sa bahay ni Mika, at tumigil doon. **3** Ng sila'y nandoon sa bahay ni Mika, nakilala nila ang voces ng binatang Levita: at sila'y lumiko doon, at sinabi nila sa kaniyang: ?Sino ang nagdala sa iyo rito? ?at ano ang iyong ginagawa sa lugar na ito? ?at anong mairoon ka rito? **4** At sinabi niya sa kanilang: Gamitin gamito ang ginagawa sa akin ni Mika, at kaniyang binayaran ako, at ako'y naging kaniyang sacerdote. **5** At sinabi nila sa kaniyang: Isinasamo namin sa iyo na usain mo sa Dios, upang aming malaman, kung ang aming lakad ay papalarin. **6** At sinabi ng sacerdote sa kanilang. Yumaon kayong

payapa: Nasa harap ng PANGINOON ang daang inyong nilalakaran.

**7** Ng magkagayo'y lumakad ang limang lalaki at dumating sa Lais, at nakita ang bayan na naroon, kung paanong sila'y tumatahan sa katiwasayan, na gaya ng mga Zidenio, na tahinik at tiwasay: sapagka't wala sa lupain na nag-aaring may kapangyarihan na makapagbibigay kahihiyang sa alin mang bagay, at malayo sa mga Zidenio, at walang pakikipagkasundo sa kanino man. **8** At sila'y naparoon sa kanilang mga kapatid sa Zora at Estaol: at sinabi ng kanilang mga kapatid sa kanilang: ?Ano kayo? **9** At kanilang sinabing: Kayo'y bumangon at tayo'y sumampa laban sa kanila: sapagka't aming nakita ang lupain, at narito, napakabuti: ?at natatamad kayo? huag kayong magmakupad na yumaon at pumasok upang ariin ang lupain. **10** Paglakad ninyo'y darating kayo sa isang bayang tiwasay, at ang lupain ay malaki; sapagka't ibinigay ng Dios sa inyong kamay; isang lugar na walang kakailananging ano mang bagay na nasa lupa.

**11** At umalis mula roon ang camaganakan ng mga Danita, mula sa Zora at sa Estaol, na anim na raang lalaki na may sakbat ng mga kasakbatan na pangbaka. **12** At sila'y sumampa, at nagtayo sa Kiriath-jearim, sa Juda: kaya't kanilang tinawag ang lugar na yaon na Mahanedan, hangang sa araw na ito: narito nasa likod ng Kiriath-jearim. **13** At sila'y nagdaan doon hangang sa lupaing maburot ng Efraim, at naparoon sa bahay ni Mika. **14** Ng magkagayo'y sumagot ang limang lalaki na tumiktik ng lupain ng Lais, at sinabi sa kanilang mga kapatid: ?Nalalaman ba ninyo na mairoon sa mga bahay na ito na isang efod, at mga teref, at isang larawang hinichuraban, at isang larawang binubo? ngayon nga'y akalalin ninyo ang marapat ninyong gawin. **15** At sila'y lumiko doon, at naparoon sa bahay ng binatang Levita, sa makatuid bagay hangang sa bahay ni Mika, at tinanong siya sa kaniyang kalagayan. **16** At ang anim na raang lalaki na may sakbat ng kanilang mga kasakbatan na pangbaka, na mga sa anak ni Dan, tumayo sa pasukan ng pintuang-daan. **17** At ang limang lalaki na yumaong tumiktik ng lupain ay sumampa, at pumasok doon, at kinuha ang larawang hinichuran, at ang efod, at ang mga teref, at ang larawang binubo, at

ang sacerdote ay nakatayo sa pasukan ng pintuang-daan na kasama ng anim na rangang lalaki na may saktat ng kanilang mga kasakabatan sa pagbabaka. **18** At ng ang mga ito ay pumasok sa bahay ni Mika, at kunin ang larawang hinichurahan, ang efod, at ang mga teraf at ang larawang binubo, ay sinabi ng sacerdote sa kanilang: *¿Ano ang inyong gagawin?* **19** At sinabi nila sa kaniyang: Pumayapa ka, itakip mo ang iyong kamay sa iyong bibig at sumama ka sa amin, at maging ama at sacerdote ka namin, *¿magaling ba kaya sa iyo ang maging sacerdote sa bahay ng isang lalaki, o maging sacerdote sa isang angkan at sa isang lipi sa Israel?* **20** At natua ang puso ng sacerdote, at kaniyang kinuha ang efod, at ang mga teraf, at ang larawang hinichuran, at nasok sa gitna ng bayan. **21** Sa gayo'y sila'y nagbalik, at yumaon, at inilagay ang mga bata at ang kawan, at ang mga daladalahan, sa harap. **22** Ng sila'y malayo na sa bahay ni Mika, ang mga lalaking nasa mga kalapit ni Mika ay nagpipisan at hinabol ang mga anak ni Dan. **23** At kanilang sinigawan ang mga anak ni Dan. At inilingon nila ang kanilang mga mukha, at sinabi kay Mika: *¿Ano ng mairoon ka, na ikaw ay nagpisan ng ganiyang pulutong?* **24** At kaniyang sinabing: Inyong kinuha ang aking mga dios na aking ginawa, at ang sacerdote, at *keyo'y* yumaon, *¿at ano pang mairoon ako?* at *¿bakit nga sasabihin ninyo sa aking:* *¿Anong mairoon ka?* **25** At sinabi ng mga anak ni Dan sa kaniyang: Huag ng marinig ang iyong voces, baka daluhungin ka ng mga mapusok na kasama, at iyong iwala ang iyong buhay, sampuo ng mga buhay ng iyong kasambahay. **26** At ipinagpatuloy ng mga anak ni Dan ang kanilang lakad: at ng makita ni Mika na sila'y totoong malakas kay sa kaniya, sila'y nagbalik at umowi sa kaniyang bahay. **27** At kanilang kinuha ang ginawa ni Mika, at ang sacerdoteng kaniyang tinatankilik, at naparoon sa Lais, sa bayang tahimik at tiwasay, at mga sinugatan nila ng talim ng tabak: at sinunog nila ang ciudad ng apoy. **28** At walang magligtas, sapagka't malayo sa Zidon, at sila'y walang pakikipagkasundo sa kanino man; at nasa libis na lumalaganap sa dakong Bet-rehob. At kanilang itinayo ang ciudad, at tinahanan nila. **29** At kanilang pinanganlan ang ciudad, na Dan, ayon sa pangalan ni Dan na kanilang magulang na ipinanganak sa Israel: gayon ma'y ang pangalan ng

ciudad ng una ay Lais. **30** At itinayo sa kanilang sarili ng mga anak ni Dan ang larawang hinichurahan: at si Jonatan na anak ni Gereom, na anak ni Moises, siya at ang kaniyang mga anak ay siyang mga sacerdote sa angkan ng mga Danita hangang sa araw ng pagkabiha sa lupain. **31** Gayon nila itinayo ang larawang hinichurahan na kaniyang ginawa sa boong panahon, na ang bahay ng Dios ay nasa Silo. **19** Ng walang hari sa Israel, na may isang Levita na nangingibang-bayan sa malayong dako ng lupaing maburot ng Efraim, na kumuhang babaye sa Bet-lehem-juda. **2** At ang kaniyang babaye ay naglaro ng pagdadalahira laban sa kaniya, at iniwan siya na napasa bahay ng kaniyang ama sa Bet-lehem-juda, at dumoon sa loob ng apat na buan. **3** At ang kaniyang asawa ay yumaon at sumunod sa kaniya, upang makiusap na matamis sa kaniya, na ibalik siya, na kasama ang kaniyang alipin, at isang parehang asno: at ipinasok ng babaye siya sa bahay ng kaniyang ama: at ng makita siya ng ama ng babaye, galak na sinalubong siya. **4** At pinigil siya ng kaniyang bianan, ng ama ng babaye; at siya'y tumahang kasama niya na tatlong araw: sa gayo'y sila'y nagkainan at nag-inuman, at tumigil doon. **5** At nangyari ng ikaapat na araw, na sila'y nagbangon maaga ng kinau-magahan, at siya'y nagbangon upang yumaon: at sinabi ng ama ng babaye sa kaniyang manungag: Kandilihin mo muna ang iyong puso ng isang subong tinapay, at pagkatapos ay ipagpatuloy ninyo ang inyong lakad. **6** Sa gayo'y sila'y naupo, at kumain at uminom silang dalawa: at sinabi ng ama ng babaye sa lalaki: Isinasamo ko sa iyo na magpakasaya ka, at magpahinga sa boong gabi, at maligaya ang iyong puso. **7** At ang lalaki ay nagbangon upang umalis; nguni't pinilit siya ng kaniyang bianan; at siya'y tumigil uli doon. **8** At siya'y nagbangon maaga sa kinaumagahan ng ikalimang araw upang yumaon; at sinabi ng ama ng babaye: Isinasamo ko sa iyo ng kandilihin mo muna ang iyong puso, at maghintay ka hangang sa kumulimlim ang araw; at sila'y kumain, silang dalawa kapua. **9** At ng ang lalaki ay magtinding upang yumaon, siya, at ang kaniyang babaye, at ang kaniyang alipin, sinabi ng kaniyang bianan, na ama ng kaniyang babaye sa kaniyang: Narito, ngayo'y ang

araw ay tumatanghali na, isinasamo ko sa inyong magpahinga sa boong gabi; narito, ang araw ay lumilipis na; tumigil dito, upang ang iyong puso ay maligaya; at bukas ay yumaon kayong maaga sa inyong paglakad, upang makauwi ka. **10** Ngunit hindi na ibig ng lalaki na magpahinga doon ng gabing yaon, kungdi siya'y nagtindig at yumaon at napaaroon sa tapat ng Jebus (na siyang Jerusalem): at dala niya ang isang parehang asno na gayak; ang kaniyang babaye ay kasama rin niya. **11** Ng sila'y nasa tabi na ng Jebus, ang araw ay lumilipis; at sinabi ng alipin sa kaniyang panginoon: Isinasamo ko sa iyo na paritoka, at tayo'y lumiko sa ciudad na ito ng mga Jebuseo, at tumigil doon. **12** At sinabi ng kaniyang panginoon sa kaniyang: Hindi tayo liliko sa ciudad ng taga ibang bayan, na hindi sa mga anak ng Israel; kungdi dadaan tayo sa Gibeaa. **13** At sinabi niya sa kaniyang aliping: Halika at tayo'y lumapit sa isa sa mga lugar na yaon; at tayo'y titigil sa Gibeaa o sa Rama. **14** Sa gayo'y sila'y nagdaan at nagpatuloy ng kanilang paglakad; at nilubagan sila ng araw sa malapit sa Gibeaa, na nauukol kay Benjamin. **15** At sila'y lumiko doon, upang pumasok na tumigil sa Gibeaa: at sila'y pumasok, at nauupo sila sa lansangan ng ciudad: sapagka't walang lalaki na magpatuloy sa kanila sa kaniyang bahay upang tumigil. **16** At, narito, doo'y unuowi ang isang matanda na galing sa kaniyang gagawin sa bukid sa paglubog ng araw; ang lalaki nga'y taga lupaing maburot ng Efraim, at siya'y nangingibang-bayan sa Gibeaa; ngunit ang mga lalaki sa lugar ay mga Benjamita. **17** At itiningin niya ang kaniyang mga mata, ay nakita niva ang maglalakbay sa lansangan ng ciudad; at sinabi ng matanda: ¿Saan ka paroroon? ¿at saan ka galing? **18** At sinabi niya sa kaniyang: Kami ay nagdadaang mula sa Bet-lehem-juda na patungo sa malayong dako ng lupaing maburot ng Efraim; taga roon ako at ako'y napaaroon sa Bet-lehem-juda: at ako'y napasasabahay ng PANGINOON; at walang tawong magpatuloy sa akin sa kaniyang bahay. **19** Gayonmay may dayami at damo para sa aming mga asno; at may tinapay at alak naman para sa akin, at sa iyong aliping babaye, at sa batang kasama ng iyong mga alipin: walang kakulangang ano mang bagay. **20** At sinabi ng matanda: ¿Kapayapaan ang

sumayo!; sa ano mang para'y pagpapayan mo sa akin ang labat ng iyong kailangan; at huag kang tumigil sa daan. **21** Sa gayo'y kaniyang ipinasok sa kaniyang bahay, at binigyan ng pagkain ang mga asno; at sila'y naghugas ng kanilang mga paa, at nagkauan at nag-ibuman. **22** Ng nagtatutua na ang kanilang mga puso, narito, ang mga lalaki sa ciudad, na mga anak ni Belial, kinabkob ang bahay sa palibot, na pumapalo sa pintuan; at sila'y nagsalita sa may-ari ng bahay, sa matanda, na sinabing: Ilabas mo ang lalaki na pumasok sa iyong bahay upang makilala namin siya. **23** At lumabas ang lalaki, ang may-ari ng bahay, at sinabi sa kanilang: Huag mga kapatid ko, isinasamo ko sa inyong huag kayong gumawa ng kaniyang kasaman; sa paraang ang lalaking ito'y nasok sa aking bahay, huag kayong gumawa ng mahalay. **24** Narito, nandito ang aking anak na dalaga, at ang kaniyang babaye; akin silang ilalabas ngayon, at pangayupapain niyo sila, at gawin niyo sa kanila ang inaakala niyong matuti sa kanila: ngunit huag niyong gawin sa lalaking ito ang ano mang mahalay. **25** Ngunit hindi dininig siya ng mga lalaki: sa gayo'y hinawakan ng lalaki ang kaniyang babaye at inilabas sa kanila; at kinilala nila siya, at pinagpahingahan boong gabi hangang sa kinaumagahan; at ng magbukang liwayway, pinayon nila siya. **26** Ng magkagayo'y napaaroon ang babaye, pagbubukang liwayway, at nagpatirapa sa pintuan ng bahay ng lalaki, na kinaroroonan ng kaniyang panginoon, hangang sa lumiwanag. **27** At nagbangon ang kaniyang panginoon ng kinaumagahan, at ibinukas ang mga pinto ng bahay, at lumabas na magpatuloy ng kaniyang lakad: at, narito, ang babaye na kaniyang kinakasama ay nakadapa sa pintuan ng bahay, na ang kaniyang mga kamay ay nasa tayuan. **28** At sinabi niya sa kaniyang: Bumangon ka, at tayo na; ngunit walang sumasagot: ng magkagayo'y kaniyang isinakay sa asno; at ang lalaki ay nagbangon, at napasa kaniyang lugar. **29** At ng siya'y pumasok sa kaniyang bahay, siya'y kumuha ng isang sundang, at inihawa sa kaniyang babaye, at binahagi siya ayon sa kaniyang mga buto, ng labing dalawang piraso; at ipinadala siya sa lahat ng hanganan ng Israel. **30** At nangyari, na lahat ng nakakita ay nagsasabing: Walang ganitong gawang ginawa o nakita man mula ng araw na

sumampa ang mga anak ng Israel na mula sa lupain ng Egipto hangang sa araw na ito. Talastasin nga ninyo, inyong payuhan, at pagsalitaan.

**20** Ng magkagayo'y lumabas ang lahat ng mga anak ng Israel, at ang kapulungan ay nagpisang parang isang tawo, mula kay Dan hangang sa Beer-seba, na kalakip ng lupain ni Gilead, sa PANGINOON sa Mizpa. **2** At nagsiharap ang mga puno ng boong bayan, sa makatuid baga'y ang lahat ng angkan ng Israel, sa kapisanan ng bayan ng Dios, na apat na raang libong lalaki na humahawak ng tabak. **3** (Narinig nga ng mga anak ni Benjamin na sumampa ang mga anak ng Israel sa Mizpa). At sinabi ng mga anak ng Israel: Saysayin ninyo sa amin kung bakit ang kasam-ang ito ay nangyari?

**4** At sumagot ang Levita, ang asawa ng bayang pinatay, at nagsabing: Ako'y napanaroon sa Gibeā na ukol kay Benjamin, ako at ang aking babaye upang tumigil. **5** At nagbangon ang mga lalaki sa Gibeā laban sa akin, at kinubkob ang bahay sa palibot laban sa akin ng kinagabihan; ako'y kanilang pinag-akalaang patayin, at kanilang dinahas ang aking babaye, at siya'y namatay. **6** At aking kinuha ang aking babaye, at aking kinatay, at ipinadala-ko sa boong lupain ng mana ng Israel: sapagka't sila'y nagkasala ng kalibugan at ng kaululan sa Israel. **7** Narito, kayong mga anak ng Israel, kayong lahat, ibigay ninyo ang inyong payo at pasiya. **8** At ang boong bayan ay nagbangong parang isang tawo, na nagsabing; Hindi na babalik ang sino man sa amin sa kaniyang dampa, o uuwi man ang sino man sa amin sa kaniyang bahay. **9** Kung-di ngayo'y ito ang bagay na aming gagawin sa Gibeā; sasampa kami laban sa kaniya na sapalaran; **10** at kukuha kami ng sampuonng lalaki sa isang daan, sa lahat ng angkan ng Israel, at isang daan sa isang libo, at isang libo sa sampuonng libo, ng magdala ng pagkain dahil sa bayan, upang kanilang gawin pagparoon nila sa Gibeā ng Benjamin ang ayon sa boong kaululang kanilang ginawa sa Israel. **11** Sa gayo'y nagpipisan ang boong bayan laban sa ciudad, na nagtibay na magkakapisang parang isang tawo.

**12** At nagsugo ang mga angkan ng Israel sa boong angkan ng Benjamin, na nagsabing: ¿Anong kasam-an ito na nangyari sa gitna ninyo? **13** Ngayon nga'y ibigay ninyo ang mga lalaki, ang

mga anak ng Belial, na nasa Gibeā, upang aming patayin sila, at alisin ang kasam-an sa Israel. Nguni't hindi dininig ng mga anak ni Benjamin ang voces ng kanilang mga kapatid na mga anak ng Israel. **14** At nagpipisan ang mga anak ni Benjamin sa mga ciudad na patungo sa Gibeā, upang lumabas na makipagbaka laban sa mga anak ng Israel. **15** At ang mga anak ng Benjamin ay nagbilang ng mga araw na yaon sa mga ciudad, ay dalawang puo't anim na libong lalaki na humahawak ng tabak, bukod pa ang mga tumatahan sa Gibeā na mga binilang, ay pitong daang piling lalaki. **16** Sa kabuon ng bayang ito ay may pitong daang piling lalaki na naiwan; baw't isa'y nakapagpailanglang ng bato sa isang bukok, at hindi sumasala.

**17** At binilang ang mga lalaki sa Israel, bukod pa ang kay Benjamin, ay apat na raang libong lalaki na humahawak ng tabak: lahat ng ito ay mga lalaking pangbaka. **18** At nagbangon ang mga anak ng Israel, at sumampa sa Bet-el upang sumanguni sa Dios; at kanilang sinabing: ¿Sino ang unang sasampa sa amin upang makipagbaka laban sa mga anak ni Benjamin? At sinabi ng PANGINOON: Si Juda ang una. **19** At nagbangon nga ang mga anak ng Israel sa kinaumagahan, at nagtayo ng kamento laban kay Gibeā. **20** At lumabas ang mga lalaki ng Israel upang makipagbaka laban kay Benjamin; At humanayang mga lalaki ng Israel sa Gibeā, sa pakikipagbaka laban sa kanila. **21** At lumabas ang mga anak ni Benjamin sa Gibeā at ibinual sa lapag sa mga Israelita sa araw na yaon ay dalawang puo't dalawang libong lalaki. **22** At ang bayan, ang mga lalaki ng Israel, nagpakatayang, at humanay uli sa pakikipagbaka sa lugar na kanilang hinanayan ng unang araw. **23** At sumampa ang mga anak ng Israel, at umiyak sa harap ng PANGINOON hangang sa kinahapunan; at sila'y tumanong sa PANGINOON, na nagsabing: ¿Lalapit ba uli ako upang makipagbaka laban sa mga anak ni Benjamin na aking kapatid? At sinabi ng PANGINOON: Sumampa ka laban sa kaniya.

**24** At lumapit uli ang mga anak ng Israel laban sa mga anak ni Benjamin ng ikalawang araw. **25** At lumabas ang kay Benjamin sa Gibeā laban sa kanila ng ikalawang araw, at nabual uli sa lupa sa mga anak ng Israel ay walong libong lalaki; lahat ng ito ay humahawak ng tabak. **26** Ng magkagayo'y sumampa ang mga

anak ng Israel, at ang boong bayan, at naparoon sa Bet-el, at umiyak, at unuporoon sa harap ng PANGINOON, at nagkula-cion ng araw na yaon hangang sa kinaha-punan; at sila'y naghandog ng mga han-dog na susunugin at ng mga handog tung-kol sa kapayapaan sa harap ng PANGINOON. **27** At itinanong ng mga anak ng Israel sa PANGINOON, (sapagka't ang kaban ng ti-pan ng Dios ay nauoon ng mga araw na yaon, **28** at si Pineas, na anak ni Eleazar, na anak ni Aaron, tumayo sa harap noon ng mga araw na yaon,) na nagsabing: *¿Lalabas ba uli ako upang makipagbaka laban sa mga anak ng Benjamin na aking kapatid, o uurong ako?* At sinabi ng PANGINOON; Sumampa ka; sapagka't bu-kas ay ibibigay ko siya sa iyong kamay. **29** At bumakay ang Israel laban sa Gi-bea, sa boong palibot.

**30** At sumampa ang mga anak ng Israel laban sa mga anak ng Benjamin ng ika-tlong araw, at humanay laban sa Gibe-a, gaya ng mga ibang veces. **31** At ang mga anak ng Benjamin ay sumampa laban sa bayan, na mga malayo sa ciudad; at kani-lang pinasimulang sinugatan at pinatay ang bayan gaya ng ibang mga veces sa mga mataas na daan, (na ang isa'y suma-sampa sa Bet-el, at ang isa'y sa Gibe-a, sa bukid) na may taltong puong lalaki sa Israel. **32** At sinasabi ng mga anak ng Benjamin: Sila'y mga nasugatan sa harap natin gaya ng una. Nguni't sina-sabi ng mga anak ng Israel: Tayo'y tumakas, at palayasin natin sila sa ciudad sa mga mataas na daan. **33** At lahat ng lalaki sa Israel ay nagbangon sa kanilang lugar, at humanay sa Baal-tamar. At ang mga bakay ng Israel ay lumabas mula sa kanilang lugar, sa makatuid baga'y mula sa Maareh-geba. **34** At du-mating laban sa Gibe-a ang sampuon libong piling lalaki sa boong Israel, at ang pagbabaka ay lumalala: nguni't hindi nila nalalaman na ang kasam-an ay suma-sagi sa kanila. **35** At sinugatan ng PA-NGINOON si Benjamin sa harap ng Israel: at nilipol ng mga anak ng Israel sa Ben-jamin ng araw na yaon ay dalawang puo't limang libo at isang daang lalaki: lahat ng ito'y humahawak ng tabak.

**36** Sa gayo'y nakita ng mga anak ni Benjamin na sila'y nasugatan: sapagka't binigyang lugar ng mga lalaki ng Israel ang Benjamin, sapagka't sila'y umaasa sa mga bakay na kanilang inilagay laban sa Gibe-a. **37** At nagmadali ang mga bakay

at dumaluhong sa Gibe-a, at nagpatu-loy ang mga bakay, at sinugatan ang boong ciudad ng talim ng tabak. **38** Ang pinagkakakilanlan ngang tanda ng mga anak ng Israel at ng mga bakay, na sila'y magpapausok na mainam sa ciudad. **39** At ang mga anak ng Israel ay unu-rong sa pagbabaka, at pinasimulang sinu-gatan at pinatay ng Benjamin ang mga lalaki ng Israel na may tatlong puong lalaki: sapagka't kanilang sinasabing: Walang pagsalang sila'y nasugatan sa harap natin gaya ng unang pagbabaka. **40** Nguni't ng ang liab ay magpa-simulang umilang-lang mula sa ciudad, sa isang haliging usok, ang Benjamin ay lumingon sa likuran, at narito, ang apoy ng ciudad ay napailang-lang sa langit. **41** At nagbalik ang mga lalaki ng Israel, at ang mga lalaki ng Benjamin ay nanga-balisa: sapagka't kanilang nakita na ang kasam-an ay dumating sa kanila. **42** Ka-ya't kanilang itinalikod ang kanilang likod sa harap ng mga lalaki ng Israel. *na tumungo sa daan ng ilang; nguni't hinahabol na mainam sila ng pagbabaka; at yaong mga lumalabas sa mga ciudad, ay nilipol sila sa gitna.* **43** Kanilang kinubkob ang mga Benjamin sa palibot, kanilang hinabol, kanilang inabutan sa pahingahang lugar hangang sa tapat ng Gibe-a, sa dakong sinisikatan ng araw. **44** At nabual kay Benjamin, ay labing walong libong lalaki; lahat ng ito ay mga lalaking may tapang. **45** At sila'y umurong at tumakas sa dakong ilang sa batuhan sa Rimon. At sila'y mga hinabol sa mataas na daan, ng limang libong lalaki; at hinabol silang mainam *hangang sa Gidom, at sumugat sa kanila ng dala-wang libong lalaki.* **46** Na ano pa't lahat ng nabual ng araw na yaon kay Benjamin ay dalawang puo't limang libong lalaki na humahawak ng tabak; lahat ng ito ay mga lalaking may tapang. **47** Nguni't anim na raang lalaki ay umurong at tu-makas sa dakong ilang sa malaking bato ng Rimon, at tumahan sa malaking bato ng Rimon na apat na buan. **48** At binali-kan ng mga lalaki ng Israel ang mga anak ng Benjamin, at sinugatan nila ng talim ng tabak, ang boong ciudad, at gayon din ang kawan, at yaong lahat na kanilang nasumpungan: bukod dito'y yaong lahat na ciudad na kanilang nasumpungan ay kanilang sinilaban.

**21** Ang mga lalaki nga sa Israel ay su-mumpa sa Mizpa, na nagsabing:



Walang sino man sa amin na magbibigay na asawa, ng kaniyang anak na babaye sa Benjamin. **2** At ang bayan ay napa-roon sa Bet-el at umupo roon hangang sa kinahapunan sa harap ng Dios, at itinaas ang kanilang voces, at tumangis na mainam. **3** At kanilang sinabing: Oh PANGINOON, na Dios ng Israel, ¿ bakit nangyari ito sa Israel, na mababawas ngayon ang isang voces sa Israel? **4** At nangyari ng kinabukasan, na ang bayan ay nagbangong maaga, at nagtayo roon ng altar, at naghandog ng mga handog na susunugin at mga handog tungkol sa kapayapaan. **5** At sinabi ng mga anak ng Israel, ¿ Sino yaong hindi sumampa, sa lahat ng mga angkan ng Israel, sa kapisanan sa PANGINOON? Sapagka't sila'y gumawa ng dakilang sumpa laban doon sa hindi sumampa sa PANGINOON sa Mizpa, na sinabing: Walang pagsalang siya'y papatayin. **6** At mga nagsisi ang mga anak ng Israel dahil sa Benjamin na kanilang kapatid, at nagsabing: May isang angkanang nahiwalay sa Israel sa araw na ito. **7** ¿ Paano ang ating gagawing paghanap ng mga asawa para sa kanila na naiwan, sa paraang tayo'y sumumpa sa PANGINOON na hindi natin ibibigay sa kanilang asawa ang ating mga anak na babaye? **8** At kanilang sinasabing: ¿ Sino doon sa mga angkan ng Israel ang hindi sumampa sa PANGINOON sa Mizpa? At, narito, walang naparoon sa kampo sa Jabes-gilead sa kapisanan. **9** Sapagka't ng bilangin ang bayan, narito, wala sa mga tumatahan sa Jabes-gilead doon. **10** At nagsugo ang kapulungan ng labing dalawang libong lalaki sa mga matapang, at iniutos sa kanila, na sinabing: Kayo'y yumaon at sugatan ninyo ang mga tumatahan sa Jabes-gilead ng talim ng tabak sampuo ng mga babaye at mga bata. **11** At ito ang bagay na inyong gagawin: Inyong lubos na lilipulin ang lahat ng lalaki, at lahat ng babaye na sinipiangan ng lalaki. **12** At kanilang natsumpungan sa mga tumatahan sa Jabes-gilead ay apat na raang dalaga, na hindi nakakilala ng lalaki sa pagpiping sa kaniya: at kanilang mga dinala sa kampo sa Silo, na nasa lupain ng Kanaan. **13** At nagsugo ang boong katipunan at nagsalita sa mga anak ng Benjamin na mga nasa batuhan ng Rimon, at inihayag ang kapayapaan sa kanila. **14** At nagbalik ang Benjamin ng panahong yaou; at ibinigay nila sa kanila ang mga ba-

bayeng kanilang iniligtas na buhay sa mga babaye sa Jabes-gilead: at gayon ma'y hindi sapat sa kanila. **15** At ang bayan ay nagsisi dahil sa Benjamin, sapagka't ginawan ng butas ng PANGINOON ang mga angkan ng Israel.

**16** Ng magkagayo't sinabi ng mga matanda ng kapisanan: ¿ Paanong ating gagawin na paghanap ng asawa doon sa mga natitira;? sa paraang ang mga babaye ay nalipol sa Benjamin. **17** At kanilang sinasabing: Nararapat magkaroon ng mana yaong mga nakatakas kay Benjamin, upang ang angkan ay huag mapawi sa Israel. **18** Gayon man ay hindi natin maibibigay na asawa sa kanila ang ating mga anak na babaye: sapagka't ang mga anak ng Israel ay sumumpa, na nagsabing: Tampilasan yaong magbibigay ng asawa sa Benjamin. **19** At kanilang sinabing: Narito, may isang kasayahan sa PANGINOON sa taon taon sa Silo, na nasa hilagaan ng Bet-el sa dakong silanganang ng mataas na daan na sumasampa sa Sekem mula sa Bet-el, at sa timugan ng Lebona. **20** At kanilang iniutos sa mga anak ng Benjamin, na sinabing: Kayo'y yumaon at bumakay sa mga uvasan; **21** at tingnan ninyo, at, narito, kung ang mga anak na babaye ni Silo ay lumabas na sumayaw ng mga sayaw, lumabas nga kayo sa uvasan, at kumuha ang bawa't lalaki sa inyo, ng kaniyang asawa sa mga anak ni Silo; at yumaon kayo sa lupain ng Benjamin. **22** At mangyari, pagka ang kanilang mga ama o ang kanilang mga kapatid ay naparito upang kami ay usapin, ay aming sasabihin sa kanilang: Ipagkaloob na ninwo sila sa amin: sapagka't hindi namin kinuha na asawa para sa bawa't isa sa kanila sa pagbabaka: o ibinigay man ninyo sila sa kanila: sa ibang paraan kayo'y maging salarin. **23** At ginawang gayon ng mga anak ng Benjamin, at kinuha nila silang mga asawa ayon sa kanilang bilang, sa mga sumasayaw, na kanilang dinala: at sila'y yumaon at nagbalik sa kanilang mana, at itinayo ang mga ciudad, at mga tinahaan nila. **24** At yumaon ang mga anak ng Israel mula roon ng panahong yaon, bawa't lalaki ay sa kaniyang angkan at sa kaniyang kasambahay, at yumaon mula roon ang bawa't lalaki na *umowi* sa kaniyang mana. **25** Ng mga araw na yao'y walang hari sa Israel: ginagawa ng bawa't isa ang matuid sa kaniyang sariling mga mata.

## LIBRO NI RUT.

**1** At nangyari ng mga kaarawan na mga humahatol ang mga hukom, na nagkagutom sa lupain. At isang lalaki sa Bet-lehem-juda ay nangibang-bayan sa lupain ng Moab, siya, at ang kaniyang asawa, at ang kaniyang dalawang anak. **2** At ang pangalan ng lalaki ay Elimelek, at ang pangalan ng kaniyang asawa ay Naomi, at ang pangalan ng kaniyang dalawang anak ay Mahlon at Kilion, Efra-teos sa Bet-lehem-juda. At sila'y napa-roon sa lupain ng Moab, at namalagi doon. **3** At si Elimelek na asawa ni Naomi ay namatay: at siya'y naiwan at ang kaniyang dalawang anak. **4** At sila'y nagsipag-asawa sa mga babaye sa Moab; ang pangalan ng isa'y Orpa, at ang pangalan ng isa'y Rut: at sila'y tumahan doon na may sampuon taon. **5** At namatay kapua si Mahlon at si Kilion; at ang babaye ay naiwan ng kaniyang dalawang anak at ng kaniyang asawa. **6** Ng magkagayo'y siya'y nagbangon na kasama ng kaniyang dalawang manugang upang siya'y magbalik sa lupain ng Moab; sapagka't kaniyang narinig sa lupain ng Moab kung paanong dinalaw ng PANGINOON ang kaniyang bayan sa pagbibigay sa kanila ng tinapay. **7** At siya'y umalis sa lugar na kaniyang kinaroroonan, at ang kaniyang dalawang manugang na kasama niya: at sila'y lumakad sa daan upang bumalik sa lupain ng Juda. **8** At sinabi ni Naomi sa kaniyang dalawang manugang: Kayo'y yumaon, magbalik ang bawat isa sa inyo sa bahay ng kaniyang ina: gawan kayo ng magaling ng PANGINOON, gaya ng inyong ginawa sa mga namatay at sa akin. **9** Pagkalooban kayo ng PANGINOON na kayo'y makasumpong ng kapahingahan, bawat isa sa inyo sa bahay ng kaniyang asawa. Ng magkagayo'y kaniyang hinagkan sila; at itinaas nila ang kanilang voces at umiyak. **10** At sinabi nila sa kaniyang Hindi, kungdi kami ay babalik na kasama mo sa iyong bayan. **11** At sinabi ni Naomi: Kayo'y magbalik mga anak ko: bakit kayo'y yayaong kasama ko? may mga anak pa ba ako sa aking tiyan, na magiging inyong mga asawa? **12** Kayo'y magbalik, mga anak ko, yumaon ka-

yo, sa inyong paglakad; sapagka't ako'y totoong matanda upang magkaroon ng asawa. Kung aking sabihing: Ako'y may pag-asa, kung ako'y magkakaroon man ng asawa ngayong gabi, at ako'y magkakaanak naman; **13** maghihintay kaya kayo hangang sa sila'y lumaki? magbabawa kaya kayo na magkaroon ng asawa? Huag, mga anak ko: sapagka't dinararamdang kong mainam dahil sa niyo, sapagka't ang kamay ng PANGINOON ay umalis laban sa akin. **14** At inilakas nila ang kanilang voces at umiyak uli; at hinagkan ni Orpa ang kaniyang biano; nguni't si Rut ay yumakap sa kaniya. **15** At sinabi niyang: Narito, ang iyong hipag ay bumalik na sa kaniyang bayan, at sa kaniyang dios; bumalik kang sumunod sa iyong hipag. **16** At sinabi ni Rut: Huag kang magpilit na kita'y iwan, at magbalik na humiwalay sa iyo; sapagka't kung saan ka pumaroon, paroroon ako: at kung saan ka tumigil, titigil ako: ang iyong bayan ay magiging aking bayan, at ang iyong Dios ay aking Dios. **17** Kung saan ka namatay, mamamatay ako, at doon ako ililibing; gawing gayon sa akin ng PANGINOON, at lalo na, lalo na kung ang kamatayan ang maglihiwalay sa iyo at sa akin. **18** At ng makita ni Naomi na mapihit ng pagsama sa kaniya, ay tumigil ng pagsasalita sa kaniya. **19** Sa gayo'y silang dalawa ay yumaon hangang sa sila'y dumating sa Bet-lehem. At nangyari, ng sila'y dumating sa Bet-lehem, na ang boong bayan ay nagulo sa kanila; at sinasabing: Ito ba'y si Naomi? **20** At sinabi niya sa kanilang: Huag na ninyo akong tawaging Naomi, tawagin ninyo akong Mara: sapagka't ginawan ako ng kapait-paitan ng Makapangyarihan-salahat. **21** Ako'y umalis na puno, at ako'y iniowi ng PANGINOON na walang dala. Bakit ninyo ako tinatawag ng Naomi, yamang ang PANGINOON ay nagpatotoo laban sa akin, at pinighati ako ng Makapangyarihan-salahat? **22** Sa gayo'y bumalik si Naomi at si Rut na Me'ebita, na kaniyang manugang na kasama niya, na nagbalik sa lupain ng Moab: at sila'y sa Bet-lehem sa pasimula ng pag-aani ng cebada.

**2** At si Naomi ay may kamag-anakan ng kaniyang asawa, na makapangyarihan sa yaman, sa angkana ni Elimelek; at ang pangalan niya, y Boaz. **2** At sinabi ni Rut na Moabita kay Naomi: Papa-roonin mo ako sa bukid, at manghimalay ng mga uhay sa likuran noong aking kasingumpungan ng biyaya sa paningin. At sinabi niya sa kaniyang. Yumaon ka, anak ko. **3** At siya'y yumaon at napa-roon, at nanghimalay sa bukid sa likuran ng mga mang-aani: at nagkataong sa bahagi ng lupa na nanukol kay Boaz, na sa angkana ni Elimelek. **4** At, narito, si Boaz ay nangaling sa Bet-lehem, at nagsabi sa mga mang-aani: Ang PANGINOY sumainyo. At sila'y sumagot sa kaniyang: Pagpalain ka ng PANGINOON. **5** Ng magkagayo'y sinabi ni Boaz sa kaniyang alipin na kaniyang katiwala sa mga mang-aani: Sinong babaye ito? **6** At ang alipin na katiwala sa mga mang-aani ay sumagot at nagsabing: Babayeng Moabita na bumalik na kasama ni Naomi na mula sa lupain ng Mcab: **7** at kaniyang sinabing: Isinasamo ko sa iyong papaughimalayin mo ako, at papagtipunin sa likuran ng mga mang-aani sa gitna ng mga bigkis: sa gayo'y siya'y napa-roon, at nagpatuloy, sa makatuid baga'y mula sa kinaumagahan hangang ngayon, liban sa siya'y nagpahingang sandali sa bahay. **8** Ng magkagayo'y sinabi ni Boaz kay Rut: Dingin mo, anak ko: Huag kang mamulot sa ibang bukid, o lumagpas man dito, kungdi manahan ka ritong matulin sa piling ng aking mga alilang babaye. **9** Itanaw mo ang iyong mga mata sa bukid na kanilang inaanihan, at sumunod ka sa kanila: sapagka't ibinilin ko sa mga bataan na huag ka nilang gagalawin. At pagka ikaw ay nauuhaw, pumaroon ka sa mga banga, at uminom ka sa inigib ng mga bataan. **10** Ng magkagayo'y siya'y nagpatirapa, at yumuko sa lupa, at nagsabi sa kaniyang: Bakit ako nakasumpung ng biyaya sa iyong paningin, na ikaw ay nagpakaabala sa akin, sa bagay ako'y taga-ibang lupa? **11** At si Boaz ay sumagot at nagsabi sa kaniyang: Ipinatalastas sa akin ang boong iyong ginawa sa iyong binaan mula sa pagkamatay ng iyong asawa: at kung paanong iyong iniwan ang iyong ama at iyong ina, at ang lupang pinanganakan sa iyo, at ikaw ay napa-rito sa bayan na hindi mo nakilala ng una. **12** Gantihin ng PANGINOON

ang iyong gawa; at bigyan ka ng lubes na kaloob ng PANGINOON, ng Dios ng Israel, sa ilalim ng mga pakpak niyaong iyong kakanlungan. **13** Ng magkagayo'y kaniyang sinabing: Makasumpung ako ng biyaya sa iyong paningin, panginoon ko; sapagka't ako'y iyong inaliw, at sapagka't matamis na pinagsalitaan ang iyong alila, baga man ako'y hindi gaya ng isa sa iyong mga alila. **14** At sa pagkain ay sinabi ni Boaz sa kaniyang: Parito ka at kumain ng tinapay, at basain mo ang iyong subo sa suka. At siya'y umupo sa siping ng mga mang-aani: at inilabot niya sa kaniya, ang sinangag na maiz, at siya'y kumain, at nabusog, at lumabis. **15** At ng siya'y magtindig upang manghimalay, inutos ni Boaz sa kaniyang mga bataan, na sinabing: Papanghimalayin ninyo siya hangang sa gitna ng mga bigkis, at huag ninyo siyang sawayin. **16** At iputol ninyo rin siya ng ilaw sa mga bigkis at iwan ninyo at himalayin niya, at huag ninyong kagalitan siya. **17** Sa gayo'y siya'y naughimalay sa bukid hangang sa paglubog ng araw; at kaniyang ipinagpag yaong kaniyang nahimalay, at may isang efa ng cebada. **18** At kaniyang dinala, at pumasok sa ciudad: at nakita ng kaniyang binaan ang kaniyang napanghimalayan; at kaniyang inilabas at ibinigay sa kaniya ang nalabi sa kaniya pagkatapos na siya'y nabusog. **19** At sinabi ng kaniyang binaan sa kaniyang: Saan ka nanghimalay ngayon? At saan ka gumawa? Pagpalain yaong nagpakaabala sa iyo. At itinuro niya sa kaniyang binaan kung kanino siya gumawa, at nagsabing: Ang pangalan ng lalaki na aking ginawan ngayon ay Boaz. **20** At sinabi ni Naomi sa kaniyang manugang: Pagpalain siya ng PANGINOON, na hindi ikinait ang kaniyang kagandang-loob sa mga buhay at sa mga patay. At sinabi ni Naomi sa kaniyang: Ang lalaking yaon ay kamag-anak na malapit natin, isang pinakamalapit na kamag-anak natin. **21** At sinabi ni Rut na Moabita: Tunay, sinabi sa aking: Ikaw ay makipisang maliksi na kasama ng aking mga bataan hangang sa kaulang matapos ang aking ani. **22** At sinabi ni Naomi kay Rut na kaniyang manugang: Mabuti, anak ko, na ikaw ay lumabas na kasama ng kaniyang mga alila, at huag kang masumpungan sa ibang bukid. **23** Sa gayo'y siya'y nakipisang maliksi na kasingpang ng mga alila ni Boaz, upang mang-

himalay hangang sa kutap-an ng pag-aani ng cebada at pag-aani ng trigo; at siya'y tumahang kasama ng kaniyang binaan.

**3** At sinabi ni Naomi na kaniyang binaan sa kaniyang: Anak ko, hindi ba kita ibahanap ng kapahingahan, upang ikabuhay mo? **2** At ngayoy? Hindi ba si Boaz ay ating kamag-anak, na ang kaniyang mga alila ay siya mong kinasama? Narito, kaniyang pahahanginan ang cebada ngayong gabi sa giikan. **3** Maligo ka nga, at mag-langis ka, at magbihis ka at bunaba ka sa giikan: ngunit huag kang pakilala sa lalaki, hangang sa siya'y makakain at makainom. **4** At mangyayari, paghiga niya, na iyong tatandaan ang lugar na kaniyang hihigaan, at ikaw ay papasok, at iyong aalisan ng takip ang kaniyang mga paa, at maliga ka; at sasabihin niya sa iyo kung paano ang iyong gagawin. **5** At sinabi niya sa kaniyang: Lahat ng iyong sinasabi sa akin ay aking gagawin. **6** At siya'y bumaba sa giikan, at ginawa niya ang ayon sa boong inutos sa kaniya ng kaniyang binaan. **7** At ng si Boaz ay makakain at makainom, at ang kaniyang puso'y maligayahan, siya'y yumaong nahiga sa dulo ng buntan ng butil; at siya'y napa-roong marahan, at inalisin ng takip ang kaniyang mga paa, at siya'y nahiga. **8** At nangyari, sa hating gabi, na ang lalaki ay nanginig at pumihit: at, narito, ang isang babayeng nakahiga sa kaniyang paanan. **9** At sinabi niyang: ¿Sino ka? At siya'y sumagot: Ako'y si Rut na iyong alila: iladlad mo nga ang iyong kumot sa iyong alila; sapagka't ikaw ay malapit na kamag-anak. **10** At kaniyang sinabing: Pagpalain ka ng PANGINOON, anak ko: ikaw ay nagpakita ng ligit na kagandalang-loob sa huli kay sa ng una, sa hindi mo pagsunod sa mga bagong-tawo maging sa dukha o sa mayaman. **11** At ngayon anak ko, huag kang matakot; gagawin ko sa iyo ang lahat na iyong sinasabi: sapagka't boong ciudad ng aking bayan ay nakakaalam, na ikaw ay isang babayeng may bait. **12** At baga ma't tunay na ako'y kamag-anak na malapit: gayon ma'y may kamag-anak na lalong malapit kay sa akin. **13** Maghintay ka ngayong gabi, at mangyayari sa kinamagahan, na kung kaniyang tutuparin sa iyo ang bahagi ng pagkakamag-anak, ay mabuti; gawin niya ang bahagi ng pagkakamag-anak: ngunit kungdi niya gagawin ang bahagi ng pag-

kakamag-anak sa iyo, gagawin ko nga ang bahagi ng pagkakamag-anak sa iyo: pang PANGINOON, ay buhay! Mahiga ka nga hangang kinamagahan. **14** At siya'y nahiga sa kaniyang paanan hangang kinamagahan: at siya'y naglangon bago magkakilalanan ang isa't isa, at kaniyang sinabing: Huag malaman na ang babaye ay napa-roon sa giikan. **15** At kaniyang sinabing: Dalhin mo rito ang balabal na nasa ibabaw mo, at hawakan mo; at hinawakan niya, at siya'y tumakal ng anim na takal na cebada, at inilagay sa kaniya: at ang lalaki ay nasok sa ciudad. **16** At ng siya'y pumarooon sa kaniyang binaan, sinabi niyang: ¿Ano nga, anak ko? At isinaysay niya sa kaniya ang lahat na ginawa sa kaniya ng lalaki. **17** At sinabi niyang: Ang anim na takal na cebadang ito ay ibinigay niya sa akin; sapagka't kaniyang sinabing: Huag kang yumaong walang dala sa iyong binaan. **18** Ng magkagayo'y sinabi niyang: Maupo kang tahnik, arak ko, hangang sa iyong malamau kung paanoong kararantuan ng bagay; sapagka't ang lalaking yaon ay hindi magpapalinga, hangang sa kaniyang ma'tapos ang bagay, sa araw na ito.

**4** Si Boaz ngay'y sumampa sa pintuang-da'an, at naupo siya roon: at, narito, ang malapit sa kamag-anak na sinalita ni Boaz ay nagdaraan; sa yaoy sinabi niyang: ¿Oh, siya na! lumiko ka, maupo ka rito. At siya'y lumiko, at naupo. **2** At siya'y kumuha ng sampuon lalaki sa mga matanda sa ciudad, at nagsabing: Maupo kayo rito. At sila'y naupo. **3** At sinabi niya sa malapit na kamag-anak: Si Naomi, na nagbalik na galing sa lupain ng Moab, ipinagbibili ang bahagi ng lupa, na sa ating kapatid na kay Elimelek: **4** at aking inisip na sabihin sa iyo, na mag-a-bing: Bilhin mo sa harap nilang nakaupo rito, at sa harap ng mga matanda ng aking bayan. Kung iyong tutubusin ay tubusin mo; ngunit kungdi mo tutubusin, saysayin mo nga, upang matalastas ko: sapagka't wala ng tutubos na iba pa liban sa iyo: at ako ang sumusunod sa iyo. At sinabi niyang: Aking tutubusin. **5** Ng magkagayo'y sinabi ni Boaz: Ano mang araw na iyong bilhin ang pangangayon sa kamay ni Naomi, marapat na iyong bilhin naman ang kay Rut na Moabita, na asawa ng namatay, upang ibangon ang pangalan ng namatay sa kaniyang mana. **6** At sinabi ng malapit na

kamag-anak: Hindi ko matutubos sa ganang akin, baka mahawa ang aking sariling mana: sa iyo ang aking matuid ng pagtubos; sapagka't hindi ko matutubos. 7 Ito nga ang kaugalian ng unang panahon sa Israel tungkol sa pagtubos at tungkol sa pagpapalit, upang patotohanan ang lahat ng bagay; hinubad ng isa ang kaniyang pangyapak, at ibinibigay sa kaniyang kapua: at ito ang paraan ng pagpapatotoo sa Israel. 8 Sa gayo'y sinabi ng malapit na kamag-anak kay Boaz: Bilhin mo para sa iyo. At hinubad niya ang kaniyang pangyapak. 9 At sinabi ni Boaz sa mga matanda at sa boong bayan: Kayo'y mga saksi sa araw na ito, na aking binili ang lahat ng kay Elimelek, at lahat na kay Kilion, at kay Mahlon, sa kamay ni Naomi. 10 Buked dito'y si Rut na Moabita, na asawa ni Mahlon, aking binili upang maging aking asawa, ng ibangon ang pangalan ng ramatay sa kaniyang mana, upang ang pangalan ng namatay ay huag mahiwalay sa gitna ng kaniyang mga kapatid, at sa pintuangdaan ng kaniyang lugar: kayo'y mga saksi sa araw na ito. 11 At boong bayan na nasa pintuangdaan, at ang mga matanda ay nagsabing: Kami ay mga saksi. Gawin ng PANGINOON ang babaye na pumapasok sa iyong bahay, na gaya ni Rakel at gaya ni Lea, na silang dalawa ang nagtayo ng bahay ng Israel: at maging makapangyarihan ka sa Efrata, at maging bantog sa Bet-lehem: 12 at ang

iyong bahay ay maging gaya ng bahay ni Perez, na ipinanganak ni Tamar kay Juda, sa binhi na ibibigay ng PANGINOON sa iyo sa batang ito. 13 Sa gayo'y kinuha ni Boaz si Rut, at siya'y naging kaniyang asawa; at siya'y sumiping sa kaniya, at pinapagligi ng PANGINOON, at siya'y nanganak ng isang lalaki. 14 At sinabi ng mga babaye kay Naomi: Pagpalain ka ng PANGINOON, na hindi ka binayaan sa araw na ito, na mawalan ng isang malapit na kamag-anak; at maging bantog ang kaniyang pangalan sa Israel. 15 At siya'y magiging sa iyo ay isang tagapagsauli ng buhay, at tagapagkandili sa iyong katandaan: sapagka't ang iyong manugang na nagmamahal sa iyo, ay nagkaanok sa kaniya, at siya'y mahigit pa kay sa pitong anak. 16 At kinuha ni Naomi ang bata, at inihilig sa kaniyang tiyan, at siya'y naging yaya. 17 At binigyan ng pangalan ng mga babaye na kaniyang kapua, na sinabing: May isang lalaki na ipinanganak kay Naomi; at ipinangalan nila sa kaniya ay Obed; siya ang ama ni Jesse, na ama ni David. 18 Ito nga ang mga lahi ni Perez: Ipinanganak ni Perez si Hezron; 19 at ipinanganak ni Hezron si Ram, at ipinanganak ni Ram si Aminadab; 20 at ipinanganak ni Aminadab si Nahson, at ipinanganak ni Nahson si Salmon; 21 at ipinanganak ni Salmon si Boaz, at ipinanganak ni Boaz si Obed; 22 At ipinanganak ni Obed si Jesse, at ipinanganak ni Jesse si David.

## ANG

## UNANG LIBRO NI SAMUEL.

1 May isa ngang lalaki na taga Ramataim-zofim, sa lupaing maburot ng Efraim, at ang pangalan niya'y Elkana, na anak ni Jeroham, na anak ni Eliu, na anak ni Tohu, na anak ni Zuf na Efrateo: 2 at siya'y may dalawang asawa; ang pangalan ng isa'y Ana, at ang pangalan ng isa'y Penina: at si Penina ay may mga anak, ngunit si Ana ay walang anak. 3 At ang lalaking ito ay sumasampa sa taon-taon mula sa kaniyang ciudad upang sumamba at maghayin sa PANGINOON ng mga hukbo sa Silo. At ang dalawang anak ni Eli, na si

Ofni at si Fineas, na mga sacerdote sa PANGINOON, ay nangandoon. 4 At pagka dumarating ang araw na si Elkana ay naghahayin, kaniyang binibigyan ng bahagi si Penina na kaniyang asawa, at ang lahat ng kaniyang mga anak na lalaki at babaye: 5 ngunit si Ana ay binibigyan niya ng dobleng bahagi: sapagka't minamahal niya si Ana, baga man sinarhan ng PANGINOON ang kaniyang bahay-bata. 6 At minumungkahi siyang mainam ng kaniyang kaagawan upang kalupitan siya; sapagka't sinarhan ng PANGINOON ang

kaniyang bahay-bata. **7** At gayon ang ginagawa niya sa taon-taon, pagka siya'y sumasampa sa bahay ng PANGINOON ay minumungkahi niyang gayon ang isa; kaya't siya'y umiyak, at hindi kumakain. **8** At sinabi ni Elkana na kaniyang asawa sa kaniyang: Ana; bakit ka umiyak? at bakit hindi ka kumakain? at bakit bumibigat ang iyong puso? hindi ba ako mabuti sa iyo kay sa sampung anak? **9** Sa gayo'y nagbangon si Ana pagkatapos na makakain sila sa Silo, at pagkatapos na sila'y makainom. Si Eli nga na sacerdote ay nakaupo sa upuan niya sa siping ng haligi ng pintuan ng templo ng PANGINOON. **10** At siya'y sa paghiliinaggis ng kaluluha ay nanalangin sa PANGINOON, at tumangis na mainam. **11** At siya'y nanata ng isang panata, at nagsabing: Oh PANGINOON ng mga hukbo, kung tunay na iyong lilinngunin ang pagkapighati ng iyong lingkod, at aalalahanin mo, at hindi mo kalilimutan ang iyong lingkod, kungdi iyong pagkaka-looban ang iyong lingkod ng anak na lalaki, akin ngang ibibigay sa PANGINOON lahat ng kaarawan ng kaniyang buhay, at walang pang-ahit na daraan sa kaniyang ulo. **12** At nangyari, sa paraang siya'y nagtataman ng panalangin sa harap ng PANGINOON, pinaginamasdan ni Eli ang kaniyang libig. **13** Si Ana nga'y nagsasalita sa kaniyang puso, ang kaniya lamang nga labi ang gumagalaw, nguni't ang kaniyang voces ay hindi naririnig: kaya't inakala ni Eli, na siya'y lasing. **14** At sinabi ni Eli sa kaniyang; Hindi kang magiging lasing ka? ibiwalay mo ang iyong alak sa iyo. **15** At sumagot si Ana, at nagsabing: Hindi panginoon ko, ako'y isang babaye na may spiritong mapanglaw: hindi ako uminoon ng alak o inuming nakalalasing, kungdi aking ibinuhos ang aking kaluluha sa harap ng PANGINOON. **16** Huag mong ibilang ang iyong lingkod na anak ng Belial: sapagka't sa kasaganaan ng aking daing at ng aking pagkuduabagi ay nagsalita ako hangang ngayon. **17** Ng magkagayo'y sumagot si Eli, at nagsabing: Yumaon kang payapa: at ipagku-loob sa iyo ng Dios ng Israel ang iyong hiling na hinihingi mo sa kaniya. **18** At sinabi niyang; Makasumpung nawa ang iyong alipin, ng biyaya sa iyong paningin! Sa gayo'y ang babaye ay pagpauloy ng kaniyang lakad at kumain, at ang kaniyang mukha'y hindi na madumbay. **19** At sila'y nagbangon ng kinabuagahan ng maaga, at sumamba sa PA-

NGINOON, at nagbalik, at umowi sa kaniyang bahay sa Rama. At nakilala ni Elkana si Ana na kaniyang asawa; at inalala siya ng PANGINOON. **20** At nangyari, ng ang panahoy dumaraan, si Ana ay naglilihi, at nangarak ng isang lalaki, at ipinangalan niya sa kaniya'y Samuel, na sinabing: Sapagka't aking hiningi siya sa PANGINOON. **21** At ang lalaking si Elkana, at ang boong bahay niya, sumampun upang maghandog sa PANGINOON ng bayu sa taon-taon, at tuparin ang kaniyang panata. **22** Nguni't si Ana ay hindi sumampa: kungdi sinabi niya sa kaniyang asawa: Hindi ako sasampa hangang sa ang bata'y mahiwalay sa suso, at kung magkagayo'y aking dadalhin siya, upang siya'y makita sa harap ng PANGINOON, at tumahandoon magpakailan man. **23** At sinabi ni Elkana na kaniyang asawa sa kaniyang: Gawin mo ang inaakala mong mabuti; maghintay ka hangang sa mahiwalay mo sa suso siya: pagtibayin lamang ng PANGINOON ang kaniyang salita. Sa gayo'y naghintay ang babaye, at inalagaan ang kaniyang anak, hangang sa mahiwalay niya sa suso. **24** At ng kaniyang mahiwalay na sa suso, kaniyang isinampa, na may dala siyang tatlong guyang lalaki, at isang efang harina, at isang botellang alak, at dinala niya siya sa bahay ng PANGINOON sa Silo: at ang anak ay bata. **25** At kanilang pinatay ang guyang lalaki, at dinala ang bata kay Eli. **26** At sinabi niyang: Oh panginoon ko, alang-alang sa buhay ng iyong kaluluha, panginoon ko, ako ang babayong tumayo sa siping mo rito, na nanalangin sa PANGINOON. **27** Dahil sa batang ito ako nanalangin; at ipinagkaloob sa akin ng PANGINOON ang aking hiling na aking hiningi sa kaniya: **28** kaya't aking ibibigay naman sa PANGINOON; habang siya'y nabubuhay ay ibibigay siya sa PANGINOON. At siya ay sumamba sa PANGINOON deon.

**2** At si Ana ay nanalangin, at nagsabing:  
Magalak ang aking puso sa PANGINOON,  
Ang aking sungay ay nagkapuri sa PANGINOON:  
Pinaluang ang aking libig sa aking mga kaaway;  
Sapagka't ako'y nagagalak sa iyong pagliligtas.  
**2** Walang santong gaya ng PANGINOON;  
Sapagka't walang higit sa iyo:

- O may malakas mang gaya ng ating Dios.
- 3 Huag na kayong magsalita ng totoong kapalaluan;  
Huag mabuka ang kawalanghiwaan sa inyong bibig;  
Sapagka't ang PANGINOON ay Dios ng kaalaman,  
At sa pamamag-itan niya'y sinusukat ang mga kilos,
- 4 Ang mga bosog ng mga makapangyarihang tawo ay nasira,  
At silang mga lugmok ay nabigkisan ng kalakasan.
- 5 Yaong mga busog ay nagpaupa dahil sa tinapay;  
At yaong mga gutom ay nagpahinga: Tunay ang baog ay nanganak ng pito;  
At yaong may maraming anak ay nanghihina.
- 6 Ang PANGINOON'y pumapatay, at bumubuhay:  
Siya ang nagbababa sa libingan, at nagsasampa.
- 7 Ang PANGINOON'y nagpapadukha at nagpapayaman:  
Siya ang nagpapababa, at siya rin naman ang nagpapataas.
- 8 Kaniyang ibinabangon ang dukha sa alabok,  
Kaniyang itinataas ang mapagkailangan mula sa tapunan,  
Upang mga paupoing kasama ng mga pangulo,  
At magmana ng luklukan ng kalualhatian:  
Sapagka't ang mga haligi ng lupa ay sa PANGINOON,  
At kaniyang ipinatong ang sanglibutan sa kanila.
- 9 Kaniyang iniingat ang mga paa ng kaniyang mga santo,  
Ngunit ang masama ay patatabimikin sa mga kadiliman;  
Dahil sa pamamag-itan ng kalakasan ay walang lalaking maanaig.
- 10 Yaong makipagkaalit sa PANGINOON ay magkakapirapiraso,  
Laban sa kanila'y siya'y kukulog mula sa mga langit:  
Ang PANGINOON ang hahatol ng mga wakas ng lupa;  
At bibigyan niya ng kalakasan ang kaniyang hari,  
At palalakhin ang sungay ng kaniyang pinahiran.
- 11 At si Elkana ay umowi sa Rama sa kaniyang bahay. At ang bata'y namama-

hala sa PANGINOON sa harap ni Eli na sacerdote.

12 Ang mga anak ni Eli nga ay mga anak ng Belial: hindi nila nakikilala ang PANGINOON. 13 At ang kaugalian ng mga sacerdote sa bayan ay, na pagkain ng sino man ay naghahandog ng hayin, ang lingkod ng sacerdote ay lumalapit, samantalang ang laman ay nasa pagluluto, na may hawak sa kamay na pang-ipit na may tatlong ngipin; 14 at kaniyang nilalamog sa kawali, o sa kaldera, o sa kaldero, o sa paliok; at lahat ng nadadala ng pang-ipit ay kinukuha ng sacerdote para sa kaniya. Gayon ang ginagawa nila sa Silo sa lahat ng Israelita na naparoroon doon. 15 Oo bago nila sunugin ang taba, ang lingkod ng sacerdote ay lumalapit, at sinasabi sa lalaki na naghahayin: Magbigay ka ng lamang maiihaw sa sacerdote; sapagka't hindi siya tatanggap sa iyo ng lamang luto, kungdi hilaw. 16 At kung sabihin ng lalaki sa kaniyang: Walang pagsalang kanila munang susunugin ang taba, at kung magkagayo'y kunin mo kung gaano ang nasain ng iyong kalulua; kaniya ngang sinasabing: Hindi, kungdi magbibigay ka sa akin ngayon; at kungdi ay aking kukuning sapilitan. 17 At ang kasalanan ng mga binatang yaon ay totoong malaki sa harap ng PANGINOON: sapagka't kanilang kinasamaan ang handog sa PANGINOON.

18 Ngunit si Samuel ay namamahala sa harap ng PANGINOON, sa bagay ay bata pa, na may bigkis na isang kayong puting efod. 19 Bukod sa rito'y iginagawa siya ng kaniyang ina ng isang munting balabal, at dinadala sa kaniya taon-taon, pagka siya'y sumasampa na kasama niya ang kaniyang asawa upang maghandog ng hayin sa taon-taon. 20 At binasbasan ni Eli si Elkana at ang kaniyang asawa, at sinabing; Bigyan ka ng PANGINOON ng binhi sa babayeng ito sa lugar ng hingi na kaniyang hiningi sa PANGINOON. At sila'y umowi sa kanilang sariling bahay. 21 At dinalaw ng PANGINOON si Ana, at siya'y naglihi, at nagkaanak ng tatlong lalaki at dalawang babaye. At ang batang si Samuel ay lumalaki sa harap ng PANGINOON.

22 Si Eli ay totoong matanda, at kaniyang nababalitaan ang lahat ng ginagawa ng kaniyang mga anak sa boong Israel, at kung paanong sila'y sumisiping sa mga babaye na naglingkod sa pintuan ng

dampa ng kapisanan. **23** At sinabi niya sa kanilang: *¿Bakit ginagawa ninyo ang mga ganilyang bagay? sapagka't aking nababalitaan sa boong layang ito ang iyong mga masamang kilos.* **24** Huag mga anak ko; sapagka't hindi nabuting bagay ang aking naririnig: inyong pinasasalangang ang bayan ng PANGINOON. **25** Kung ang isang tawo ay magkasala laban sa iba, bahatulan siya ng Dios: nguni't kung ang isang tawo ay magkasala laban sa PANGINOON. *¿Sino ang mamamag-itan sa kaniya? Gayon mata'y hindi nila dininig ang voces ng kanilang ama, sapagka't papatayin sila ng PANGINOON.* **26** At ang batang si Samuel ay lumalaki, at sa ikalulugod ng PANGINOON at ng mga lalaki rin naman.

**27** At naparoon ang isang lalaki ng Dios kay Eli, at nagsabi sa kaniyang: Ganito ang sabi ng PANGINOON: *¿Hindi ba ako napakita ng hayag sa bahay ng iyong ama, ng sila'y nasa Egipto sa pagkaalipin sa bahay ni Faraon?* **28** At pinili ko siya sa lahat ng anak ng Israel upang maging aking sacerdote, upang maghandog sa aking altar, upang magsunog ng kamayanan, at upang magdala ng efod sa harap ko, at ibinigay ko sa bahay ng iyong ama ang lahat ng handog ng mga anak ng Israel na pinaraan sa apoy. **29** *¿Bakit nga iniyong sinisipa ang aking hayin at ang aking handog, na aking iniutos sa aking tabanan; at iyong pinarangalan ang iyong mga anak kay sa akin, upang kayo'y magpakataba sa mga pinakamainam sa lahat ng mga handog ng Israel na aking bayan?* **30** Kaya't sinasabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel: Aking sinabi ngang tunay, na ang iyong bahay, at ang bahay ng iyong ama, lalakad sa harap ko magpakailan man: nguni't sinasabi ngayon ng PANGINOON: Malayo sa akin: sapagka't yaong mga nagpaparangal sa akin ay aking pararangalin, at yaong mga humahamak sa akin ay mawawalan ng kabulahan. **31** Narito, ang mga araw ay dumarating, na aking ihihiwalay ang iyong braso, at ang braso ng bahay ng iyong ama, upang huag magkaroon ng matanda sa iyong bahay. **32** At iyong mamasdan ang kadalamhatian sa aking tabanan, sa boong kayamanan na ibibigay ng Dios sa Israel: at mawawalan ng matanda sa iyong bahay magpakailan man. **33** At ang mga lalaking iyo, na hindi ko ibihiwalay sa aking altar, ay upang lumagan ang iyong mga mata at papanglawin

ang iyong puso; at ang boong karagdagan ng iyong bahay ay mamamatay sa kanilang kabataan. **34** At ito ang magiging tanda sa iyo, na darating sa iyong dalawang anak, kay Ofni at kay Fineas; sa isang araw, sila'y kapua mamamatay. **35** At ako'y magbabangon sa akin ng isang tapat na sacerdote, na gagawa ng ayon na nasa aking puso at nasa aking pag-iisip, at ipagtatayo ko siya ng pantatag na bahay; at siya'y lalakad sa harap ng aking pinahiran ng langit, magpakailan man. **36** At mangyayari, na bawala isa na naiwan sa iyong bahay ay paroroon at yuyukod sa kaniya dahil sa isang pirasong pilak at sa isang patulo na tinapay, at magsasabing: Isinasamo ko sa iyong ilagay mo ako sa isa sa mga katungkulang pagkasacerdote upang makakain ako ng isang subong tinapay.

**3** At ang batang si Samuel ay namamahal sa PANGINOON sa harap ni Eli: at ang salita ng PANGINOON ay madalang ng mga araw na yaon; walang layag na malikmata. **2** At nangyari ng mga araw na yaon, ng si Eli ay mahiga sa kaniyang lugar, (ang kaniya ngang mata'y nagpasimulang lumabo, na siya'y hindi nakakita), **3** at ang ilawan ng Dios ay hindi pa namamatay, at si Samuel ay nahihiga pa upang matulog, sa templo ng PANGINOON, na kinaroroonan ng kabang ng Dios; **4** na tinawag ng PANGINOON si Samuel: at kaniyang sinabing: Narito ako. **5** At siya'y tumakbo kay Eli, at nagsabing: Narito ako; *¿bakit tinawag mo ako?* At kaniyang sinabing: Hindi ako tumawag; mahiga ka uli. At siya'y yumaon at nahiga: **6** At tinawag pa uli ng PANGINOON: Samuel. At nagbangon si Samuel at naparoon kay Eli, at nagsabing: Narito ako; *¿bakit ako'y tinawag mo?* At siya'y sumagot: Hindi ako tumawag anak ko; mahiga ka uli. **7** Hindi pa nga nakikilala ni Samuel ang PANGINOON, o ang salita man ng PANGINOON ay nahayag na sa kaniya. **8** At tinawag uli ng PANGINOON na ikatlo. At siya'y nagbangon, at naparoon kay Eli, at nagsabing: Narito ako, *¿bakit ako'y iyong tinawag?* At napagkilala ni Eli na tinawag ng PANGINOON ang bata. **9** Kaya't sinabi ni Eli kay Samuel: Yumaon ka, mahiga ka: at mangyayari, kung tatawagin ka niya, na iyong sasabihing: Mag-salita ka, PANGINOON; sapagka't dinirinig ng iyong alipin. Sa gayo'y yumaon



si Samuel at nahiga sa kaniyang lugar. **10** At ang PANGINOON ay naparoon, at tumayo, at tumawag gaya ng ibang veces: Samuel, Samuel. Ng magkagayo'y sinabi ni Samuel: Magsalita ka, sapagka't dinidinig ng iyong alipin. **11** At sinabi ng PANGINOON kay Samuel: Narito, gaga-wa ako ng isang bagay sa Israel, na ang dalawang tainga ng bawa't isa na nakikinig ay mabibingi. **12** Sa araw na yaon ay aking tutuparin kay Eli ang lahat na aking sinalita tungkol sa kaniyang bahay, mula sa pasimula hangang sa wakas. **13** Sapagka't aking isinaysay sa kaniya na aking habatulan ang kaniyang bahay magpakailan man, dahil sa katampalasanan na kaniyang nalalaman, sapagka't ang kaniyang mga anak ay dingatnan na sumpa sa kanilang sarili, at hindi niya mga sinangsala. **14** At kaya't ako'y sumumpa sa bahay ni Eli, na ang kasaman ng bahay ni Eli ay hindi mapapawi ng hayin, o handog man magpakailan man. **15** At nahiga si Samuel hangang sa kinaumagahan; at ibinukas ang mga pinto ng bahay ng PANGINOON. At natakot saysayin ni Samuel kay Eli ang panaginip. **16** Ng magkagayo'y tinawag ni Eli si Samuel, at nagsabing: Samuel, anak ko. At kaniyang sinabing: Narito ako. **17** At kaniyang sinabing: Ano ang bagay na sinalita sa iyo? isinasamo ko sa iyo na huag mong ilihim sa akin: gawin sa iyong gayon ng Dios, at lalo na, kung iyong ililihim sa akin ang ano man bagay sa lahat ng bagay na kaniyang sinalita sa iyo. **18** At isinaysay sa kaniya ni Samuel ang boong sinalita, at hindi naglihim ng ano man sa kaniya. At kaniyang sinabing: PANGINOON nga: gawin niya ang inakala niyang mabuti. **19** At si Samuel ay lumaki, at ang PANGINOON ay sumasakaniya, at walang inihulog sa lupa sa kaniyang mga salita. **20** At nakilala ng boong Israel mula sa Dan hangang sa Beer-seba na si Samuel ay itinatag na maging profeta ng PANGINOON. **21** At napakita uli ang PANGINOON sa Silo: sapagka't ang PANGINOON'y napakita kay Samuel sa Silo sa pamamagitan ng salita ng PANGINOON.

**4** At ang salita ni Samuel ay dumating sa boong Israel. Ang Israel nga ay lumabas laban sa mga Filisteo upang mapagbaka, at tumayo sa Ebenezer: at ang mga Filisteo ay tumayo sa Afek. **2** At ang mga Filisteo ay nagbusay laban sa Israel: at ng sila'y magsagupa, ang Israel

ay nasugatan sa harap ng mga Filisteo: at kanilang pinatay sa hukbo sa parang, ay may apat na libong lalaki. **3** At ng ang bayan ay dumating sa kamento, sinabi ng mga matanda ng Israel: Bakit sinugatan tayo ngayon ng PANGINOON sa harap ng mga Filisteo? Ating dalhin sa atin ang kaban ng tipan ng PANGINOON mula sa Silo, upang sumaatin ito sa gitna natin, at iligtas tayo sa kamay ng ating mga kaaway. **4** Sa gayo'y nagsugo ang bayan sa Silo, at kanilang dinala mula roon ang kaban ng tipan ng PANGINOON ng mga hukbo, na nauupo sa gitna ng mga kerubin: at ang dalawang anak ni Eli, si Ofni at si Fineas, ay nandoon sampu ng kaban ng tipan ng Dios. **5** At ng ang kaban ng tipan ng PANGINOON ay masok sa kamento, ang boong Israel ay humiyaw ng malakas na hiyaw, na ano pa't ang lupa ay kuminig. **6** At ng marinig ng mga Filisteo ang ingay ng sigaw, sila'y nagsabing: Ano ang kahulugan ng ingay nitong malakas na hiyaw sa kamento ng mga Hebreo? At kanilang natalastas na ang kaban ng PANGINOON ay ipinasok sa kamento. **7** At ang mga Filisteo ay natakot, sapagka't kanilang sinabing: Ang Dios ay nasok sa kamento. At kanilang sinabing: Sa aba natin! sapagka't hindi pa nagkakaroon ng ganiyang bagay kailan man. **8** Sa aba natin! Sino ang magligtas sa atin sa kamay ng makapangyarihang mga dios na ito? Ito ang mga dios na sumugat sa mga taga Egipto ng sarisaring salot sa ilang. **9** Kayo'y magpakalakas at magpakalalaki, Oh mga Filisteo, upang kayo'y huag maging mga alipin ng mga Hebreo, gaya ng ikinalagay nila sa inyo: kayo'y magpakalalaki, at bumaka. **10** At ang mga Filisteo ay bumaka, at ang Israel ay nasugatan, at tumakas ang bawa't isa sa kanila sa kaniyang dampa: at nagkaroon ng malaking patayan, sapagka't nabual sa Israel ay tatlong puong libong katawo. **11** At ang kaban ng Dios ay kinuha; at ang dalawang anak ni Eli, si Ofni at si Fineas ay pinatay. **12** At tumakbo ang isang lalaki ni Benjamin mula sa kawal, at naparoon sa Silo ng araw ding yaon, na may barong hapak at may lupa sa kaniyang ulo. **13** At ng siya'y dumating, narito, si Eli ay nakaupo sa kaniyang uu-pa sa tabi ng daan na nagbabantay: sapagka't ang kaniyang puso'y nanginginig dahil sa kaban ng Dios. At ng ang tawo ay pumasok sa ciudad, at saysayin ang mga

halita, ang boong ciudad ay sumigaw. **14** At ng marinig ni Eli ang ingay ng hiyaw, kaniyang sinabing: ? Ano ang kahulugan ng hugong ng kaingay na ito? At ang tawo'y nagmadali, at naparoon, at isinaysay kay Eli. **15** Si Eli nga'y may isinang puot walong taon na; at ang kaniyang mga mata'y mga lagay na, siya'y di na makakita. **16** At sinabi ng lalaki kay Eli: Ako yaong nangaling sa kawal, at ako'y tumakas ngayon sa kawal. At kaniyang sinabing: ? Paano ang nangyari, anak ko? **17** At siya ang nagdala ng mga balitang sagot, at nagsabing: Ang Israel ay tumakas sa harap ng mga Filisteo, at nagkaroon din raman doon ng isang malaking patayan sa gitna ng bayan, at ang iyong dalawang anak naman, si Ofni at si Fineas ay pinatay; at ang kaban ng Dios ay kinuha. **18** At nangyari, ng kaniyang bangitin ang kaban ng Dios, na siya'y nabual sa likuran sa kaniyang upuan sa dako ng pintuang-daon, at ang kaniyang leeg ay nabali, at siya'y namatay: sapagka't siya'y lalaking matanda at mabigat. At hinatulan niya ang Israel na apat na puong taon. **19** At ang kaniyang manungag, na asawa ni Fineas, ay bunis na kaganapan: at pagkarinig niya ng balita na ang kaban ng Dios ay kinuha, at ang kaniyang bianan at kaniyang asawa ay namatay, siya'y yumuko at napanganak; sapagka't ang kaniyang pagdaramdam ay dumating sa kaniya. **20** At tungkol sa panahon ng kaniyang kamatayan, ay sinabi sa kaniya ng mga babayeng nakatayo sa siping niya: Huag kang matakot; sapagka't ikaw ay nanganak ng isang lalaki. Ngunit hindi siya sumagot, o inilagag man niya ang kaniyang puso doon. **21** At ipinangalan niya sa bata ay Habbod, na sinabing: Ang kalualhatian ay humiwalay sa Israel: sapagka't ang kaban ng Dios ay kinuha, at dahil sa kaniyang bianan at sa kaniyang asawa. **22** At kaniyang sinabing: Ang kalualhatian ng Dios ay humiwalay sa Israel: sapagka't ang kaban ng Dios ay kinuha. **23** Kinuha nga ng mga Filisteo ang kaban ng Dios, at kanilang dinala sa Asdod mula sa Eben-ezer. **2** At kinuha ng mga Filisteo ang kaban ng Dios at ipinasok sa bahay ni Dagon, at inilagay sa tabi ni Dagon. **3** At ng magbangong maaga ang mga sa Asdod ng kinaunmagahan, narito, si Dagon ay nahulog na nakasubsob sa lupa sa harap ng kaban ng PANGINOON. At kanilang kinuha si

Dagon, at inilagay siya sa kaniyang lugar uli. **4** At ng sila'y magbangong maaga ng kinaunmagahan, narito, si Dagon ay nahulog na nakasubsob sa lupa sa harap ng kaban ng PANGINOON; at ang ulo ni Dagon at gayon din ang mga palad ng kaniyang mga kamay ay putol na nasa tayuan ng *pinuhan*; ang *katawan* lamang ang naiwan sa kaniya. **5** Kaya't ang mga sacerdote man ni Dagon, o ang sino mang nanasok sa bahay ni Dagon, hindi itinutungtong ang paa sa tayuan ni Dagon sa Asdod, hangang sa araw na ito.

**6** Ngunit ang kamay ng PANGINOON ay bumigat sa mga taga Asdod, at mga nilipol niya, at mga sinugatan ng mga bukol, sa makatuid baga'y ang Asdod at ang mga hanganan niya. **7** At ng makita ng mga lalaki sa Asdod na gayon, kanilang sinabing: Ang kaban ng Dios ng Israel ay huag tumalang kasama natin: sapagka't ang kaniyang kamay ay mabigat sa atin, at kay Dagon ating dios. **8** Sila'y nagsugo nga at nagpipisan ang lahat ng mga pangulo ng mga Filisteo sa kanila, at sinasabing: ? Ano ang ating gagawin sa kaban ng Dios ng Israel? At sila'y sumagot: Dalhing ipihit ang kaban ng Dios ng Israel sa Gat. At kanilang dinala na ipinihit ang kaban ng Dios ng Israel doon. **9** At nangyari, na pagkatapos na kanilang madala na maipihit, ang kamay ng PANGINOON ay naging laban sa ciudad, na nagkaroon ng malaking pagkabalisa: at sinugatan niya ang mga tawo sa ciudad, ang maliit at gayon din ang malaki, at mga bukol ay sumibol sa kanila. **10** Sa gayo'y kanilang ipinadala ang kaban ng Dios sa Ekron. At nangyari, pagdating ng kaban ng Dios sa Ekron, na ang mga Ekronita ay sumigaw, na nagsabing: Kanilang dinalang ipinihit sa atin ang kaban ng Dios, upang patayin tayo at ang ating bayan. **11** Pinasuguan nga nilang magpipisan ang lahat ng mga pangulo ng mga Filisteo, na sinabing: Ipadala ninyo ang kaban ng Dios ng Israel, at ipabalik ninyo sa kaniyang sariling lugar, upang huag kaming patayin, at ang ating bayan: sapagka't nagkaroon ng pangbalisang ikamatay sa boong ciudad; ang kamay ng Dios ay totoong bumigat doon. **12** At ang mga lalaking hindi namatay ay nasugatan ng mga bukol: at ang daing ng ciudad ay napailanglang sa langit.

**6** At ang kaban ng PANGINOON ay napasa lupain ng mga Filisteo na pitong

buan. **2** At tinawag ng mga Filisteo ang mga sacerdote at ang mga manghuhula, na sinabing: *¿*Anong aming gagawin sa kaban ng PANGINOON? *¿*Ipatalastas ninyo sa amin kung aming ipadadala sa kaniyang lugar. **3** At kanilang sinabing: Kung inyong ipadadala ang kaban ng Dios ng Israel, huag ninyong ipadalang walang laman; kungdi sa ibang paraan ay inyong ibalik siya na may handog ng dahil sa pagkakasala: kung magkagayo'y gagaling kayo, at ipakikilala sa inyo kung bakit ang kaniyang kamay ay hindi inalis sa inyo. **4** Ng magkagayo'y kanilang sinabing: *¿*Ano ang handog dahil sa pagkakasala na aming ibalik sa kaniya? At kanilang sinabing: Limang gintong bukhol, at limang gintong daga ayon sa bilang ng mga puno ng mga Filisteo: sapagka't iisang salot ang napasa inyong lahat, at napasa inyong mga pangulo. **5** Kaya't kayo'y gagawa ng mga larawan ng inyong mga bukhol, at mga larawan ng inyong mga daga na sumira ng lupain; at inyong bibigyan ng kaulathatian ang Dios ng Israel; marahil ay kaniyang gagaanan ang kaniyang kamay sa inyo, at sa inyong mga dios, at sa inyong lupain. **6** *¿*Bakit nga inyong pinatitugas ang inyong puso, na gaya ng mga taga Egipto at ni Faraon na pinatigas ang kanilang puso? ng sila'y gumawa ng kababalaghan sa kaniya, *¿*di ba nila pinayaon ang bayan, at sila'y yumaon? **7** Ngayon nga'y kayo ay kumuha at maghanda kayo ng isang bagong karro, at dalawang bakang bagong kapananganak, na hindi napatungang ng pamatok, at ikabit ninyo ang mga baka sa karro, at iowi ninyo ang kanilang mga guya mula sa kaniya. **8** At kunin ninyo ang kaban ng PANGINOON, at isilid ninyo sa karro: at ilagay ninyo ang mga hiyas na ginto na inyong ibalik sa kaniya na pinakahandog dahil sa pagkakasala, sa isang kaha ninyo isisilid; at inyong ipadala upang yumaon. **9** At tingnan ninyo, kung sumampa sa daan ng kaniyang sariling hanganan sa Bet-semes, ginawa nga niya sa atin ang malaking kasam-ang ito: ngunit kung hindi, malalaman nga natin na hindi kaniyang kamay ang sumugat sa atin; isang pagkakataong nangyari sa atin. **10** At ginawang gayon ng mga lalaki na kumuha ng dalawang bakang bagong kapananganak, at mga ikinabit sa karro, at kinulong ang kanilang mga guya sa bahay: **11** At kanilang inilagay ang kaban ng PANGINOON sa

karro, at ang kaha na may mga dagang ginto at ng mga larawan ng kanilang mga bukhol. **12** At tinuid ng mga baka ang daan sa Bet-semes; sila'y nagpatuloy sa pinakamaluang na daan, na umuungal habang yumayaon, at hindi lumiliko sa kanan o sa kaliwa; at ang mga pangulo ng mga Filisteo ay sumunod sa kanila hangang sa hanganan ng Bet-semes. **13** At silang mga Bet-semita ay umaani ng kanilang trigo sa libis: at kanilang itiningin ang kanilang mga mata, at nakita ang kaban, at nangalalak sa pagkakita. **14** At ang karro ay pumasok sa bukid ni Josue na Bet-semita, at tumayo doon, na kinaroroonan ng isang malaking bato: at kanilang binati ang kahoy sa karro, at inihandog ang mga baka na pinakahandog na susununging sa PANGINOON. **15** At ibinaba ng mga Levita ang kaban ng PANGINOON, at ang kaha na nasa kaniya, na may silid na mga hiyas na ginto, at mga ipinatong sa malaking bato yaon: at ang mga lalaki sa Bet-semes ay naghandog ng mga handog na susumugin at naghayin ng mga hayin ng araw ding yaon sa PANGINOON. **16** At ng makita ng limang puno ng mga Filisteo, sila'y nagbalik sa Ekron ng araw ding yaon.

**17** At ito ang mga bukhol na ginto na ibinalik ng mga Filisteo sa PANGINOON na pinakahandog dahil sa pagkakasala; kay Asdod ay isa, kay Gaza ay isa; kay Askelon ay isa; kay Gat ay isa; kay Ekron ay isa; **18** at ang mga dagang ginto ayon sa bilang ng lahat ng ciudad ng mga Filisteo na nauukol sa limang pangulo, ang mga ciudad na nakukutaan at gayon din ang mga rayon sa parang: sa makatuid baga'y sa malaking bato na kanilang pinaglabaan ng kaban ng PANGINOON (na ang batong yaon ay namamalagi hangang sa araw na ito) sa bukid ni Josue na Bet-semita. **19** At ang Dios ay sumugat sa mga lalaki sa Bet-semes, sapagka't sila'y tumingin sa loob ng kaban ng PANGINOON, sa makatuid baya'y sumugat siya sa bayan ng limang puong libo at pitong puong lalaki. At ang bayan ay nanaghoy, sapagka't sinugatan ng PANGINOON ang bayan na may malaking patayan. **20** At ang mga lalaki sa Bet-semes ay nagsabing: *¿*Sino ang makatatayo sa harap ng PANGINOON, sa santong Dios na ito? at *¿*sino ang kaniyang sasampahin mula sa atin? **21** At sila'y nagsugo ng mga sugo sa mga tumatahan sa Kiriath-jearim, na nagsabing: *¿*Ibinalik ng mga Filisteo ang kaban ng

PANGINOON; kayo'y magsipanaog, at isampa ninyo sa inyo.

**7** At ang mga lalaki sa Kiriat-jearim ay naparoon, at isinampa ang kaban ng PANGINOON, at dinala sa bahay ni Abinadab sa burol, at pinagsanto si Eleazar na kaniyang anak, upang ingatan ang kaban ng PANGINOON.

**2** At nangyari, mula sa araw na itahan ang kaban sa Kiriat-jearim, na ang panahon ay lumaba; (sapagka't naging dalawang puong taon) at ang boong bahay ng Israel ay tumagho'y sa likuran ng PANGINOON. **3** At nagsalita si Samuel sa boong bahay ng Israel, na nagsabing: Kung kayo'y magbabalik sa PANGINOON ng boong inyong puso, inyo ngang alisin ang ibang mga dios, at ang mga Ashtaroth sa inyo, at ihanda ninyo ang inyong mga puso sa PANGINOON, at sa kaniya lamang kayo maglingkod: at iligtas niya kayo sa kamay ng mga Filisteo. **4** Ng magkagayo'y inalis ng mga anak ng Israel ang mga Baal at ang Ashtaroth, at sa PANGINOON lamang naglingkod.

**5** At si Samuel ay nagsabing: Pisanin ninyo ang boong Israel sa Mizpa, at idalalangin ko kayo sa PANGINOON. **6** At kanilang pinisan sa Mizpa, at umigib ng tubig, at ibinuhes sa harap ng PANGINOON, at nagkulacion ng araw na yaon, at nagsabing: Kami ay nagka-ala laban sa PANGINOON. At hinatulan ni Samuel ang mga anak ng Israel sa Mizpa. **7** At ng marinig ng mga Filisteo na ang mga anak ng Israel ay nagtitipon sa Mizpa, ang mga pangulo ng mga Filisteo ay sumampa laban sa Israel. At ng marinig ng mga anak ng Israel, sila'y natakot sa mga Filisteo. **8** At sinabi ng mga anak ng Israel kay Samuel: Huag kang tumigi, ng kadadaing sa PANGINOONG ating Dios, dahil sa atin, upang iligtas niya tayo sa kamay ng mga Filisteo. **9** At kumuha si Samuel ng isang corderong pasusuhin, at inihandog na piraka boong handog na susunugin sa PANGINOON: at dumaing si Samuel sa PANGINOON dahil sa Israel; at ang PANGINOON ay sumagot sa kaniya. **10** At sumantalang si Samuel ay paghahandog ng handog na susunugin, ang mga Filisteo ay lumapit upang makipagbaka laban sa Israel: ngunit ang PANGINOON ay kumilog ng isang malakas na kulog ng araw na yaon sa mga Filisteo, at tinulig sila; at sila'y naugatan sa harap ng Israel. **11** At ang mga lalaki sa Israel ay lumabas sa Mizpa, at hinabol,

ang mga Filisteo, at sinugatan sila, hangang sa dumating sila sa Bet-kar. **12** Ng magkagayo'y kumuha si Samuel ng isang bato, at inilagay sa pag-itan ng Mizpa at ng Sen, at tinawag ang pangalan noon na Eben-ezer, na sinabing: Hangang dito'y tinulungan tayo ng PANGINOON. **13** Sa gayo'y ang mga Filisteo ay nangayupapa, at hindi na sila nasok pa sa hanganan ng Israel. At ang kamay ng PANGINOON ay naging laban sa mga Filisteo labat ng araw ni Samuel. **14** At ang mga ciudad na sinakop ng mga Filisteo sa Israel ay nasauali sa Israel mula sa Ekron hangang sa Gat; at ang mga hanganan niya ay pinapaging laya ng Israel sa kamay ng mga Filisteo. At nagkaroon ng kapayapaan sa pag-itan ng Israel at ng mga Amorreo. **15** At hinatulan ni Samuel ang Israel labat ng araw ng kaniyang buhay. **16** At siya'y naparoon na lumiligid taon-taon sa Bet-el, at sa Gilgal, at sa Mizpa; at hinatulan niya ang Israel sa lahat ng lugar na yaon. **17** At ang kaniyang balik ay sa Rama, sapagka't nandoon ang kaniyang bahay; at doo'y hinatulan niya ang Israel: at siya'y nagtayo roon ng isang altar sa PANGINOON.

**8** At nangyari, ng si Samuel ay matanda na, na kaniyang ginawa ang kaniyang mga anak, na mga hukom sa Israel. **2** Ang pangalan nga ng kaniyang pangana'y ay Joel; at ang pangalan ng kaniyang ikalawa ay Abiya; sila'y mga hukom sa Beer-seba. **3** At ang kaniyang mga anak ay hindi lumakad sa kaniyang mga daan, kungdi lumiko na sumunod sa suhol, at tumanggap ng mga kaloob, at sinira ang paghatol.

**4** Ng magkagayo'y nagpipisan ang mga matanda ng Israel, at naparoon kay Samuel sa Rama: **5** at kanilang sinabi sa kaniyang: Narito, ikaw ay matanda, at ang iyong mga anak ay hindi lumalakad sa iyong mga daan: ngayon nga'y lagyan mo kami ng isang hari upang humatol sa amin gaya ng lahat ng nasyon. **6** Ngunit hindi minabuti ni Samuel, ng kanilang sabihing: Bigyan mo kami ng isang hari upang humatol sa amin. At si Samuel ay banalangin sa PANGINOON. **7** At sinabi ng PANGINOON kay Samuel: Dingin mo ang voces ng bayan sa lahat ng kanilang sinasabi sa iyo: sapagka't hiedi ikaw ang kanilang inilalaglag, kungdi inilalaglag nila ako, upang huag akong maghari sa kanila. **8** Ayon sa lahat na mga gawa na

kanilang ginawa mula ng araw na isampa ko sila mula sa Egipto hangang sa araw na ito, sa kanilang pag-iiwan sa akin, at paghilingkod sa ibang mga dios gayon ang ginagawa nila sa iyo. 9 Ngayon nga'y dingin mo ang kanilang voces: gayon ma'y tatangi kang mainam sa kanila, at ipakikilala mo sa kanila ang paraan ng hari na maghahari sa kanila.

10 At isinaysay ni Samuel ang boong salita ng PANGINOON sa bayan na lumihingi sa kaniya ng isang hari. 11 At kaniyang sinabing: Ito ang magiging paraan ng hari na maghahari sa inyo: kaniyang kukunin ang iyong mga anak at kaniyang mga ilalagay sa kaniya dahil sa kaniyang mga karro, at upang maging mga mangangabayo niya; at sila'y tatakbo sa unahan ng kaniyang karro: 12 at kaniyang mga ibahalin sa kaniya na mga kapitan ng lilibuhin, at mga kapitan ng lilimampunin; at kaniyang ilalagay ang iba upang bumukid ng kaniyang lupa, at umani ng kaniyang aanihin, at upang gawing kaniyang mga sangkap na pangbaka, at sangkap sa kaniyang mga karro. 13 At kaniyang kukunin ang iyong mga anak na babaye upang maging mga tagapagpabango, at maging mga tagapagluto, at maging mga magtitinapay. 14 At kaniyang kukunin ang iyong mga bukid, at ang iyong mga uvasan, at ang iyong mga olivahan, sa makatuid baga'y ang pinakamahusay sa kanila, upang mga ibigay sa kaniyang mga alipin. 15 At kaniyang kukunin ang ikasampung bahagi ng inyong binhi, at ng inyong mga uvasan, at ibibigay sa kaniyang mga oficial, at sa kaniyang mga alipin. 16 At kaniyang kukunin ang inyong mga aliping lalaki at babaye, at ang inyong pinakamabuting binata, at ang inyong mga asno, at mga ilalagay sa kaniyang mga gagawin. 17 Kaniyang kukunin ang ikasampung bahagi ng inyong mga kawan: at kayo'y magiging kaniyang mga alipin. 18 At kayo'y dadaing sa araw na yaon, dahil sa inyong hari na inyong pipiliin: at hindi kayo sasagutin ng PANGINOON sa araw na yaon. 19 Nguni't tinangilang dingin ng bayan ang voces ni Samuel; at kanilang sinabing: Hindi; kungdi magkakaroon kami ng hari sa amin; 20 upang kami naman ay maging gaya ng lahat na mga nasyon; at upang hatulan kami ng aming hari, at lumabas sa harap namin, at ibaka ang aming paki-pagbaka. 21 At narinig ni Samuel

ang lahat na mga salita ng bayan, at kaniyang mga isinaysay sa mga pakinig ng PANGINOON. 22 At sinabi ng PANGINOON kay Samuel: Dingin mo ang kanilang voces at halalan mo sila ng hari. At sinabi ni Samuel sa mga lalaki sa Israel: Yumaon ang bawat isa sa inyo sa kaniyang ciudad.

9 May isang lalaki ngang kay Benjamin, na ang pangala'y Kis, na anak ni Abiel, na anak ni Zeror, na anak ni Bekorat, na anak ni Afia, na anak ng isang Benjamita, isang makapangyarihang lalaki na may tapang. 2 At siya'y may isang anak na lalaki, na ang pangala'y Saul, isang binata at makisig, at walang makisig na katawo sa mga anak ng Israel kay sa kaniya: mula sa kaniyang mga balikat at kangang sa paitaas ay siya'y higit kay sa sino man sa bayan. 3 At ang mga asno ni Kis na ama ni Saul ay nawala. At sinabi ni Kis kay Saul na kaniyang anak: Ipagsama mo ngayon ang isa sa mga alipin, at ikaw ay magtinding, at hanapin mo ang mga asno. 4 At kaniyang tinahak ang lupaing maburot ng Efraim, at nagdaan sa lupain ng Salisa, nguni't hindi nila mga nasumpungan: ng magkagayo'y sila'y nagdaan sa lupain ng Saalim, at mga wala roon: at sila'y nagdaan sa lupain ng mga Benjamita, nguni't hindi nila mga nasumpungan deon. 5 Ng sila'y dumating sa lupain ng Zuf, sinabi ni Saul sa kaniyang alipin na kasama niya: Halika at magbalik tayo; baka waling bahala ng aking ama ang mga asno at ang alalahanin ay tayo. 6 At sinabi niya sa kaniyang: Narito, may isa ngang lalaki ng Dios sa ciudad na ito, at siya'y isang lalaking may dangal; lahat ng kaniyang sabihin ay tunay na nangyayari: ngayo'y pumaroon tayo; marahil ay masasasay niya sa atin ang tungkol sa ating lakad kung saan tayo paroroon. 7 Ng magkagayo'y sinabi ni Saul sa kaniyang aliping: Nguni't narito, kung tayo'y pumaroon, ¿ano ang ating dadalhin sa lalaki? sapagka't naubos na ang tinapay sa ating mga buslo, at wala na tayong madadalang kaloub sa lalaki ng Dios: ¿anong mairoon tayo? 8 At sumagot uli ang alipin kay Saul, at nagsabing: Narito, mairoon ako sa aking kaniya na ikaapat na bahagi ng isang siklong pilak: na aking ibibigay sa lalaki ng Dios, upang saysayin sa atin ang ating lakad. 9 (Ng una sa Israel, pagka ang isang la-

laki ay mag-uusisa sa Dios, ganito ang sinasabi: Halika at tayo'y pumaron sa nakakakita: sapagka't yon ngang tinatawag na Profeta ngayon ay tinatawag ng ma na Nakakakita.) 10 Ng magkagayoy'y sinabi ni Saul sa kaniyang aliping: Mabuti ang sinasabi mo; halika, tayo'y pumaron. Sa gayo'y sila'y naparoon sa ciudad na kinaroroonan ng laki ng Dios. 11 Samantalang sila'y sumasampa sa ciudad, sila'y nakasalulong ng mga dalagang lumalabas upang umigib ng tubig, at sinabi nila sa kanilang: ¶ Narito ba ang nakakakita? 12 At sila'y sumagot sa kanila, at nagsabing: Siya'y nariyan; narito, nasa unahan mo: magmadali kayo ngayon, sapagka't siya'y naparoon ngayon sa ciudad; sapagka't ang bayan ay may hayin ngayon sa mataas na lugar: 13 pagkapasok niyo sa ciudad, ay agad masusumpungan niyo siya, bago siya sumampa sa mataas na lugar upang kumain; sapagka't ang bayan ay hindi kakain hangang sa siya'y dumating, sapagka't kaniyang binabasbasan ang hayin; at pagkatapos ay kumakain ang mga inanyayahan. Kaya nga sumampa kayo: sapagka't sa oras na ito'y inyong masusumpungan siya. 14 At sila'y sumampa sa ciudad; at pagpasok nila sa ciudad, narito, si Samuel ay nasasalubong nila, na papasampa sa pinakamaluang na daan.

15 Inihayag nga ng PANGINOON kay Samuel isang araw bago si Saul ay naparoon, na sinabing: 16 Bukas sa ganitong oras ay susugin ko sa iyo ang isang lalaki na mula sa lupain ng Benjamin, at iyong papalhiran siya ng langis upang maging pangulo sa aking bayang Israel, at kaniyang ililigtas ang aking bayan sa kamay ng mga Filisteo: sapagka't aking tingnan ang aking bayan, dahil sa ang kanilang dang ay dumating sa akin. 17 At ng makita ni Samuel si Saul, nagsabi ang PANGINOON sa kaniyang: ¶ Narito ang lalaki na aking sinalita sa iyo! Ito nga ang magkakaroon ng kapangyarihan sa aking bayan. 18 Ng magkagayoy'y lumapit si Saul kay Samuel sa pintoang daan, at nagsabing: Masinasamo ko sa iyo na sasayin mo sa akin, kung saan nandoon ang bahay ng nakakakita. 19 At sumagot si Samuel kay Saul, at nagsabing: Ako ang nakakakita; sumampa ka sa unahan ko sa mataas na lugar, sapagka't kakain kang kasalo ko ngayon: at sa kinamagahan ay payayaunin kita, at sasaysaying ko sa iyo ang lahat na

rasa iyong puso. 20 At tungkol sa iyong mga asno na may tatlong araw ng nawawala, huag mong mga aalalahanin; sapagka't masumpungan na. ¶ At kanino ang boong pagmanas sa Israel? ¶ Hindi ba sa iyo, at sa boong bahay ng iyong ama? 21 At si Saul ay sumagot, at nagsabing: ¶ Hindi ba ako Benjamita sa pinakamaliit na angkan ng Israel? ¶ at ang aking kamag-anakan ang pinakamababa sa mga kamag-anakan ng angkan ng Benjamin? ¶ bakit nga nagsasalita ka sa akin ng ganitong paraan? 22 At ipinagsama ni Samuel si Saul at ang kaniyang alipin, at dinala niya sila sa kabahayan, at pinaupo sila sa pinakapangulong lugar sa gitna nila na mga na anyayahan, na may mga tatlong puong katawo. 23 At sinabi ni Samuel sa mangluluto: Dalhin mo rito ang bahagi na ibinigay ko sa iyo, na siyang aking sinabi sa iyong: Ilagay mo ito sa iyo. 24 At itinaas nga ng mangluluto ang hita, at yang nakapatong, at inilagay sa harap ni Saul. At sinabi ni Samuel: ¶ Narito, siya ngang itinago! ilagay mo sa harap mo at iyong kanin; sapagka't ibingatan sa takdang panahon para iyo, sapagka't aking sinabing: Aking inanyayahan ang bayan. Sa gayo'y kumain si Saul na kasalo ni Samuel ng araw na yon. 25 At ng sila'y makababa sa ciudad mula sa mataas na lugar, siya'y nakipagpulong kay Saul sa pulupo ng bahay. 26 At sila'y nagbangong magaga: at nangyari sa pagbabukang liwayway, na tinawag ni Samuel si Saul sa pulupo, na sinabing: Bangon, upang magpaalam kita. At si Saul ay nagbangon, at lumabas kapua sila, siya at si Samuel. 27 At ng sila'y lumalabas sa hangaman ng ciudad, sinabi ni Samuel kay Saul: Sabihin mo sa aliping magpauna sa atin, (at siya'y nagpauna,) ngunit tunigil ka sa oras na ito, upang maiparinig ko sa iyo ang salita ng Dios.

10 Ng magkagayoy'y kumaha si Samuel ng isang botellang langis, at ibinuhos sa ulo niya, at hinanggan niya siya, at sinabing: ¶ Rindi ba ang PANGINOON ang nagpalid sa iyo ng langis upang maging puno ka sa kaniyang maba? 2 Paghilaway mo sa akin ngayon, masusumpungan mo nga ang dalawang lalaki sa siping ng libingan ni Rakel, sa hangganan ni Benjamin sa Zelza; at sabihin ulala sa iyong: Ang mga asno na iyong hinahanap ay nasumpungan na; at, narito, niwalang bahala ng iyong ama ang mga

asno, at ang inaalala ay kayo, na sinasabing: **2** Paano ang aking gagawin sa aking anak? **3** Kung magkagayo'y magpapatuloy ka mula roon, at darating ka sa encinahan ng Tabor, at masasalubong ka doon ng tatlong lalaki na sinasampa ang Dios sa Bet-el, ang isa'y may dalang tatlong anak ng kambing, at ang isa'y may dalang tatlong tinapay, at ang isa'y may dalang isang botellang alak: **4** at babatiin ka nila, at bibigyan ka ng dalawang tinapay; na iyong tatanggapin sa kanilang kamay. **5** Pagkatapos darating ka sa burol ng Dios, na nandoon ang isang pulutong na mga Filisteo: at mangyayari pagdating mo roon sa ciudad, na makakasalubong ka ng isang pulutong na mga profeta na bumabaha mula sa mataas na lugar, na may salterio, at tambol, at flauta, at alpa sa harap nila; at sila'y nagsisipanghula: **6** at ang espiritu ng PANGINOON ay darating na makapangyarihan sa iyo, at manghuhula kang kasama nila, at ikaw ay magiging bagong lalaki. **7** At mangyari, pagka ang mga tandang ito ay dumating sa iyo, na gawin mo sa iyo ang masusumpungan ng iyong kamay; sapagka't ang Dios ay sumasaliyo. **8** At ikaw ay bababang una sa akin sa Gilgal; at narito, bababain kita, upang maghandog ng mga handog na susunugin, at maghayin ng mga hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan: pitong araw na maghihintay ka, hangang sa ako'y pumaroon sa iyo, at ituro sa iyo kung ano ang iyong gagawin. **9** At nangyaring gayon, na pagtalikod niya na iwan niya si Samuel, binigyan siya ng Dios ng ibang puso: at ang lahat na mga tandang yaon ay nangyari sa araw na yaon.

**10** At ng sila'y dumating doon sa burol, narito, isang katipunan ng mga profeta ay nasasalubong niya; at ang espiritu ng Dios ay dumating na makapangyarihan sa kaniya, at siya'y nanghula sa gitna nila. **11** At nangyari, ng makita siya ng lahat na nakakakilala sa kaniya ng una, na narito, siya'y nanghuhulang kasama ng mga profeta, nagsasabihan nga ang bayan: **12** Ano ito na nangyari sa anak ni Kis? **13** Si Saul ba ay nasa gitna rin ng mga profeta? **12** At isa sa lugar na yaon ay sumagot, at nagsabing: **14** At sino ang kaniyang ama? Kaya't paging kawikaan: **15** Si Saul ba ay nasa gitna rin ng mga profeta? **13** At ng siya'y makatapos ng panghuhula, siya'y sumampa sa mataas na lugar.

**14** At sinabi ng amain ni Saul sa kaniya

at sa kaniyang aliping: **16** Saan kayo naparoon? At kaniyang sinabing: **17** Upang hanapin ang mga asno: at ng aming makita na hindi masumpungan, kami ay naparoon kay Samuel. **15** At sinabi ng amain ni Saul: Isinasamo ko sa iyo na saysayin mo sa akin, kung ano ang sinabi ni Samuel sa inyo. **16** At sinabi ni Saul sa kaniyang amain: Sinabi niya sa aming lubos na ang mga asno ay nasumpungan na. Ngunit tungkol sa bagay ng kaharian, sa sinalita ni Samuel, hindi niya isinaysay sa kaniya.

**17** At tinawag ni Samuel ang bayan sa PANGINOON sa Mizpa; **18** at sinabi niya sa mga anak ng Israel: Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel: Isinampa ko ang Israel mula sa Egipto, at pinapaging laya ko kayo sa kamay ng mga taga Egipto, at sa kamay ng lahat na kaharian na pumighati sa inyo: **19** Ngunit itinakul ninyo sa araw na ito ang inyong Dios, na siyang nagligtas sa inyo sa lahat ng inyong kasakunaan at kapighatian: at sinabi ninyo sa kaniyang Hindi, kungdi lagyan mo kami ng isang hari. Ngayon nga'y humarap kayo sa PANGINOON ayon sa inyong mga angkan at ayon sa inyong mga libolibo. **20** Sa gayo'y pinalapit ni Samuel ang lahat ng angkan, at ang angkan ni Benjamin ang kinuha. **21** At kaniyang inilapit ang angkan ni Benjamin ayon sa kaniyang mga kasambahay, at ang angkan ni Matri ay siyang kinuha: at si Saul na anak ni Kis, siyang kinuha; ngunit ng kanilang hinahanap siya ay hindi nasumpungan. **22** Kaya't kanilang itinanong uli sa PANGINOON: **23** Nandito ba ang lalaking naparito? At ang PANGINOON ay sumagot: Narito siya'y nagtatago sa mga kasangkapan. **23** At sila'y tumakbo at dinala mula roon: at ng siya'y tumayo sa gitna ng bayan, ay siya'y mataas kay sa sino man sa bayan, mula sa kaniyang mga balikat at paitaas. **24** At sinabi ni Samuel sa boong bayan: **25** Nakikita ba ninyo siya na pinili ng PANGINOON, na walang gaya niya sa boong bayan? At ang boong bayan ay sumigaw at nagsabing; **26** Iligtas ng Dios ang hari.

**25** Ng magkagayo'y sinaysay ni Samuel sa bayan ang paraan ng kaharian at isinulat sa isang libro at inilagay sa harap ng PANGINOON. At pinapagpaalam ni Samuel ang boong bayan, baw't tawo ay sa kaniyang bahay. **26** At si Saul ay umowi sa kaniyang bahay sa Gibe'a; at

yumaong kasama niya ang bukbo, na ang kanilang mga kalooban ay kinilos ng Dios. 27 Ngumit sinabi ng mga anak ng Belial: ¿Paanong ililigtas tayo ng tawong ito? at kanilang niwalang kabuluhan at hindi nila dimalhan ng kaleob. Ngumit siya'y hindi umimik.

**11** Ng magkagayo'y si Nahas na Ammonita ay sumampa, at tumayo laban sa Jabes-gilead; at sinabi ng lahat na lalaki sa Jabes kay Nahas; Gumawa ka ng tipan sa amin, at kami ay maglilingkod sa iyo. **2** At sinabi ni Nahas na Ammonita sa kanilang: Sa ganitong paraan gagawin ko sa inyo, na ang inyong mga kamang mata ay dukitin; at aking ilalagap na pabakasumbat sa boong Israel. **3** At sinabi ng mga matanda sa Jabes sa kaniyang: Bigyan mo kami ng palugit na pitong araw, upang kami ay makapagpasugo ng mga sago sa lahat ng hangganan ng Israel; at kung magkagayon, kung wala ng magliligtas sa amin, kami ay lalabas sa iyo. **4** Ng magkagayo'y pumareon ang mga sugo sa Gilead ni Saul at sinailita ang mga salitang ito sa mga pakinig ng bayan: at ang boong bayan ay itinaas ang voces at umiyak. **5** At, narito, sinusundan ni Saul ang mga baka sa bukid; at sinabi ni Saul: ¿Anong mayroon ang bayan na sila'y umiiyak? At kanilang isinaysay ang mga salita ng mga lalaki sa Jabes. **6** At ang espiritu ng Dios ay dumating na makapangyarihan kay Saul ng kaniyang marinig ang mga salitang yaon, at ang kaniyang galit ay nag-alab na mainam. **7** At siya'y kumuha ng isang parehang baka, at kaniyang kinatay, at mga ipinadala niya sa lahat ng hangganan ng Israel sa pamamagitan ng kamay ng mga sugo, na sinabing: Sino mang hindi lumabas na sumunod kay Saul at kay Samuel, ganiyang ang gagawin sa kaniyang mga baka. At ang takot sa PANGINOON ay nahulog sa bayan, at sila'y lumabas na parang iisang tawo. **8** At binilang niya sila sa bezek; at ang mga anak ng Israel, ay tatlong daang libo, at ang mga lalaki ng Juda ay tatlong daang puong libo. **9** At sila'y nag-abi sa mga sugo na naparoon: Ganito ang inyong sasabihin sa mga lalaki sa Jabes-gilead: Bukas sa kainitan ng araw, ay magkakaroon kayo ng pagkaligtas. At naparoon ang mga sugo at isinaysay sa mga lalaki sa Jabes; at sila'y natua. **10** Kayat sinabi ng mga lalaki sa Jabes: Bukas lalabas kami sa iyo at inyong gagawin sa amin ang lahat na inyong inaakalang mabuti sa

inyo. **11** At naging gayon sa kinabukasan, na inilagay ni Saul ang bayan ng tatlong pulutong; at sila'y nasok sa gitna ng kamento sa pagbabantay sa kinatunagahan at sinugatan ang mga Ammonita hangang sa kainitan ng araw: at nangyari, na ang mga nalabi ay nangalat, na ano pa't dalawa sa kanila ay hindi naiwang magkasama. **12** At sinabi ng bayan kay Samuel: ¿Sino yaong nagsasabing: Maghahari ba si Saul sa amin? dalhin dito ang mga tawong yaon upang aming patayin sila. **13** At sinabi ni Saul: Walang tawong papatayin sa araw na ito: sapagka't ngayo'y gumawa ang PANGINOON ng pagliligtas sa Israel.

**14** Ng makagayo'y sinabi ni Samuel sa bayan: Halikayo at tayo'y paroon sa Gilgal, at ating ibago ang kabarian doon. **15** At ang boong bayan ay naparoon sa Gilgal: at doo'y ginawa nila sa Gilgal si Saul na hari sa harap ng PANGINOON; at doo'y sila'y naghayin ng mga hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan; at doo'y si Saul at ang lahat ng lalaki sa Israel ay nagalak na mainam.

**12** At sinabi ni Samuel sa boong Israel: Narito, aking dininig ang inyong voces sa lahat na inyong sinabi sa akin, at naghalal ako ng isang hari sa inyo. **2** At ngayo'y narito, ang hari ay lumalakad sa umahan ninyo: at ako'y matanda na at maubau; at, narito, ang aking mga anak ay kasama ninyo: at ako'y lumakad sa harap ninyo mula sa aking kabinataan hangang sa araw na ito. **3** Narito ako: sumaksi kayo laban sa akin sa harap ng PANGINOON, at sa harap ng kaniyang pinahiran: ¿kung kaninong baka ang kinuha ko? o ¿kung kaninong asno ang kinuha ko? o ¿kung sino ang aking dinaya? ¿kung sino ang aking pinighati? o ¿kung kaninong kamay ako kumuha ng suhol upang bulagin ang aking mga mata noon at aking isa-sauli sa inyo? **4** At kanilang sinabing: Hindi ka nagdaya sa amin, o pumighati man sa amin, o tumanggap man ng ano man sa kamay ng sino man. **5** At sinabi niya sa kanilang: Ang PANGINOON ay saksi laban sa inyo, at ang kaniyang pinalihan sa araw na ito na hindi kayo nakasumpung ng ano man sa aking kamay. **6** At kanilang sinabing: Siya'y saksi. **7** At sinabi ni Samuel sa bayan: Ang PANGINOON ang siyang naghalal kay Moises at kay Aaron, at siyang nagsampa sa inyong mga magulang mula sa lupain ng Egipto. **7** Ngayon nga'y tumayo kayo.



upang aking maipakipagtalò sa inyo sa harap ng PANGINOON ang tungkol sa lahat na matuid na gawa ng PANGINOON, na kaniyang ginawa sa inyo at sa inyong mga magulang. 8 Ng si Jakob ay pasa Egipto, at ang inyong mga magulang ay dumaing sa PANGINOON, sinugo nga ng PANGINOON si Moises at si Aaron, na kumuhà sa inyong mga magulang sa Egipto, at pinatira sila sa lugar na ito. 9 Ngunit nilimot nila ang PANGINOONG kaniyang Dios, at ipinaghbili niya sila sa kamay ni Sisera, kapitan ng hukbo ni Hazer, at sa kamay ng mga Filisteo, at sa kamay ng hari sa Moab, at sila'y bumaka laban sa kanila. 10 At sila'y dumaing sa PANGINOON, at nagsabing: Kami ay nagkasala, sapagka't nilimot namin ang PANGINOON at naglingkod kami sa mga Baal at sa Astarot: ngayon nga'y papaging layain mo kami sa kamay ng aming mga kaaway, at kami ay maglilingkod sa iyo. 11 At sinugo ng PANGINOON si Jerubaal, at si Bedan, at si Jefta, at si Samuel, at pinapaging laya kayo sa kamay ng inyong mga kaaway sa bawat dako, at kayo'y tumahang tiwasay. 12 At ng makita ninyo na si Nahas na hari sa mga anak ni Ammon ay naparito laban sa inyo, ay inyong sinabi sa aking: Hindi, kungdi isang hari ang magbahari sa amin: sa bagay ang PANGINOONG inyong Dios ay siya ninyong hari. 13 Ngayon nga'y masdan ninyo ang hari na inyong pinili, at siya ninyong hiningi: at, narito, nilagyan kayo ng PANGINOON ng isang hari sa inyo. 14 Kung kayo'y matatakot sa PANGINOON, at maglilingkod sa kaniya, at makikinig sa kaniyang voces, at hindi manghihimagsik laban sa utos ng PANGINOON, at kayo at gayon din ang hari na naghahari sa inyo ay maging masunurin sa PANGINOONG inyong Dios: 15 ngunit kung hindi ninyo didingin ang voces ng PANGINOON kungdi manghihimagsik kayo laban sa utos ng PANGINOON, magiging laban nga sa inyo ang kamay ng PANGINOON gaya sa inyong mga magulang. 16 Ngayon nga'y kayo'y tumayo at tingnan ninyo itong dakilang bagay na gagawin ng PANGINOON sa harap ng inyong mga mata. 17 Hindi ba pag-aani ng trigo sa araw na ito? ako'y tatawag sa PANGINOON, at siya'y magsusugo ng kulog at ulan at inyong malalaman at makikita na ang inyong kasam-an ay dakila, na inyong ginawa sa paningin ng PANGINOON sa paghingi ninyo ng isang hari. 18 Sa gayo'y tumawag si

Samuel sa PANGINOON; at ang PANGINOON'y nag-sugo ng kulog at ulan ng araw na yaon: at ang boong bayan ay natakot na mainam sa PANGINOON at kay Samuel. 19 At sinabi ng boong bayan kay Samuel: Ipanalangin mo ang iyong mga alipin sa PANGINOONG iyong Dios, upang huag kaming mamatay: sapagka't aming idinagdag sa lahat ng aming mga kasalanan ang kasam-ang ito, na humingi sa amin ng isang hari. 20 At sinabi ni Samuel sa bayang: Huag kayong matakot: tunay na inyong ginawa ang boong kasam-ang ito; gayon na'y huag kayong lumiko ng pagsunod sa PANGINOON, kungdi kayo'y maglingkod sa PANGINOON ng inyong boong puso; 21 at huag kayong lumiko; sapagka't susunod nga kayo sa mga walang kabuluhang bagay na hindi ninyo mapapakinabangan o makapagpapaging laya man, sapagka't mga walang kabuluhan. 22 Sapagka't hindi pababayaan ng PANGINOON ang kaniyang bayan dahil sa kaniyang dakilang pangalan: sapagka't kinálulugdan ng PANGINOON na gawin kayong bayan niya. 23 Bukod dito sa ganang akin, sangsalain ng Dios na ako'y magkasala laban sa PANGINOON sa paglilitat ng pananalangin dahil sa inyo: kungdi ituro sa inyo ang mabuti at matuid na daan. 24 Matakot lamang kayo sa PANGINOON, at maglingkod kayo sa kaniya sa katotohanan ng inyong boong puso: dilidilihin nga ninyo kung gaanong dakilang mga bagay ang kaniyang ginawa sa inyo. 25 Ngunit kung kayo'y mamamaling gagawa ng kasam-an, kayo'y malilipol, kayo at gayon din ang inyong hari.

13 Si Saul ay (*may tatlong puong*) taong gu- lang ng siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing dalawang taon sa Israel. 2 At pumili si Saul sa kaniya ng tatlong libong lalaki sa Israel; na ang dalawang libo ay kasama ni Saul sa Mikmas at sa bundok ng Bet-el, at ang isang libo ay kasama ni Jonatan sa Gibeà ng Benjamin: at ang labis ng bayan ay sinugo niya bawat isa sa kaniyang dampa. 3 At sinugatan ni Jonatan ang pulutong ng mga Filisteo na nasa Geba, at narinig ng mga Filisteo. At hinipan ni Saul ang pakakak sa boong lupain, na sinabing: [Marinig ng mga Hebreo! 4 At narinig nga ng boong Israel ng sabihin na sinugatan ni Saul ang pulutong ng mga Filisteo, at ang Israel naman ay naging kasuklamuklam sa mga Filisteo. At ang

bayan ay nagpipisan na sumunod kay Saul sa Gilgal.

5 At ang mga Filisteo ay nagpipisan upang bumaka sa Israel, tatlong pueng libongkarro; at anim na libong nangangabayo, at ang bayan na parang buhangin na nasa baybayin ng dagat sa karamihan: at sila'y sumampa, at nagpahinga sa Mikmas, sa dakong silanganan ng Bet-aven. 6 Ng makita ng mga lalaki sa Israel na sila'y nasa kagipitan, (sapagka't ang bayan ay napipighati,) ang bayang nga ay nagkubli sa mga yungib, at sa mga tiukan, at sa mga bato, at sa mga hukay, at sa mga lawa. 7 Ang iba nga sa mga Hebreo ay nagdaan ng Jordan na patungo sa lupain ng Gad at ng Gilead; nguni't tungkol kay Saul siya'y nasa Gilgal, at ang boong bayan ay sumunod sa kaniyang nanginginig.

8 At siya'y naghintay ng pitong araw, ayon sa takdang panahon na itinakda kay Samuel: nguni't si Samuel ay hindi napaaroon sa Gilgal; at ang bayan ay nalalansag sa kaniya. 9 At sinabi ni Saul: Dalhin mo rito sa akin ang handog na susunugin, at ang handog tungkol sa kapayapaan. At kaniyang inihandog ang handog na susunugin, narito, si Samuel ay napaaroon; at lumabas si Saul na sinalubong siya upang bumati sa kaniya. 11 At sinabi ni Samuel: ¿Ano ang iyong ginawa? At sinabi si Saul: Sapagka't aking nakita na ang bayan ay nangangalal sa akin, at hindi ka dumaring sa mga takdang araw, at ang mga Filisteo ay nagpipipisan sa Mikmas; 12 kaya aking sinabi: Bababain nga ako ng mga Filisteo sa Gilgal, at hindi ko pa napamamanhik ang kagalingan sa PANGINOON: ako'y nagpumilit nga at inihandog ko ang handog na susunugin. 13 At sinabi ni Samuel kay Saul: Ginawa mo ng kamangmangan: hindi mo ginanap ang utos ng PANGINOONG Iyong Dios na inintus niya sa iyo: sapagka't itinatag sana ng PANGINOON ang kaniyang kabarian sa Israel magpakailan man. 14 Nguni't ngayon ang iyong kabarian ay hindi matululoy: ang PANGINOON ay humanap sa kaniya ng isang lalaking ayon sa kaniyang sariling puso, at inihalal ng PANGINOON siya na pangulo sa kaniyang bayan, sapagka't hindi mo ginanap ang inintus ng PANGINOON sa iyo. 15 At nagbangon si Samuel at sumampa siya mula sa Gil-

gal hangang sa Gibeon ng Benjamin. At binilang ni Saul ang bayan na nakaharap sa kaniya, na may anim na raang lalaki. 16 At si Saul at si Jonatan na kaniyang anak at ang bayan na nakaharap sa kanila, ay nangauupo sa Gibeon ng Benjamin: nguni't ang mga Filisteo ay tumayo sa Mikmas. 17 At ang mga mananamam ay lumabas na tatlong pulutong sa kampo ng mga Filisteo: ang isang pulutong ay nagtumpa sa daan na patungo sa Ofra, na patungo sa lupain ng Sual; 18 at ang isang pulutong ay lumiko sa daan na patungo sa Bet-horon at ang isang pulutong ay lumiliko sa daan ng hangganan na humaharap na paibaba sa libis ng Zeboim sa dakong ilang.

19 At wala ngang manbabakal na masumpungan sa boong lupain ng Israel: sapagka't sinasabi ng mga Filisteo. Baka ang mga Hebreo ay gumawa sa kanila ng mga tabak o mga sibat. 20 Dahil dito'y binaba ng lahat ng taga Israel ang mga Filisteo upang ilasa ng bawa't lalaki ang kaniyang pang-araro, at ang kaniyang azarol, at ang kaniyang palakol, at ang kaniyang piko; 21 gayon may sila'y mairroong kikel para sa mga piko at sa mga azarol, at sa mga panunkit, at sa mga palakol, at upang ipang-ayos ng mga tibo. 22 At gayon ang nangyari, na sa araw ng pagkabaka, ay wala kahi't tabak o sibat mang masumpungan sa kamay ng sino man sa bayan na kasama ni Saul at ni Jonatan: kungdi nasusumpungan kay Saul at kay Jonatan na kaniyang anak. 23 At ang pulutong ng mga Filisteo ay lumabas na napatungo sa daanan ng Mikmas.

14 Nangyari nga isang araw, na si Jonatan na anak ni Saul ay nagsabi sa binata na nagdadala ng kaniyang sibat: Halika at tayo'y dumaan sa pulutong ng mga Filisteo, na nasa dakong yaon. Nguni't hindi niya ipinagbigay alam sa kaniyang ama. 2 At tumataban si Saul sa kaduloduluhang bahagi ng Gibeon sa ilalim ng pumo ng granada na nasa Migron: at ang bayan na nasa kaniya ay may anim na raang lalaki. 3 At si Ahias na anak ni Ahitub na kapatid ni Ikabod, na anak ni Eneas, na anak ni Eli, na sacerdote ng PANGINOON sa Silo, nagsusot ng efed, at hindi nalalaman ng bayan na si Jonatan ay yumaon. 4 At sa pag-itan ng mga daanan, na pinaghanapan ni Jonatan sa pulutong ng mga Filisteo, ay mairroong isang tukang bato sa isang dako at isang tukang bato sa kabilang

dako : at ang pangalan ng isa ay Bozez, at ang pangalan ng isa ay Sene. **5** Ang isang tuka ay bumabangon sa hilagaan sa tapat ng Mikmas, at ang isa ay sa tinugan sa tapat ng Gibeon. **6** At sinabi ni Jonatan sa binata na nagdadala ng kaniyang sabbat : Halika at tayo ay dumaan sa pulutong ng mga hindi tuling ito : marahil ang PANGINOON ay gagawa dahil sa atin : sapagka't hindi maliwag sa PANGINOON na magligtas sa pamamag-itan ng marami o ng kaonti. **7** At sumagot ang kaniyang tagadala ng sabbat sa kaniya : Gawin mo ang boong nasa iyong puso : lumiko ka, narito, ako'y sumasa iyo ayon sa iyong puso. **8** Ng magkagayo'y sinabi ni Jonatan : Narito, tayo'y dumaan sa mga lalaking yaon, at tayo'y pakikilala sa kanila. **9** Kung kanilang sabihing ganito sa ating : Kayo'y maghintay hangang sa kami ay dumating sa inyo ; maghihintay nga tayo sa ating lugar na hindi natin sasampahin sila. **10** Nguni't kung kanilang sabihing ganito : Sampahin ninyo kami : Sasampa nga tayo : sapagka't ibinigay sila ng PANGINOON sa ating kamay : at ito ang magiging tanda sa atin. **11** At kapua nga sila napakilala sa pulutong ng mga Filisteo : at sinabi ng mga Filisteo : | Narito ang mga Hebreo na lumabas sa mga hukay na kanilang pinagtaguan. | **12** At sumagot ang mga lalaki sa pulutong, kay Jonatan at sa kaniyang tagadala ng sabbat : na sinabing : | Sampahin ninyo kami, at pagpapakitaan namin kayo ng isang bagay ! At sinabi ni Jonatan sa kaniyang tagadala ng sabbat : Sumampa ka na kasunod ko : sapagka't ibinigay sila ng PANGINOON sa kamay ng Israel. **13** At naglambitin si Jonatan ng kaniyang mga kamay at ng kaniyang mga paa, at ang kaniyang tagadala ng sabbat ay kasunod niya. At sila'y kumiling sa harap ni Jonatan, at ang kaniyang tagadala ng sabbat ay pumapatay na kasunod niya. **14** At yaon ang unang pagpatay na ginawa ni Jonatan at ng kaniyang tagadala ng sabbat, sa may dalawang puong lalaki, sa may pag-itan ng kalahating yugada ng lupa. **15** At nagkaroon ng panginigang sa kampo sa parang at sa boong bayan, ang pulutong at ang mga mananamsam ay nanginig din ; ang lupa'y lumindol : sa gayo'y nagkaroon ng totoong malaking panginigang. **16** At ang mga bantay ni Saul sa Gibeon ng Benjamin ay tumanaw, at narito, ang karamihan ay napapawi at sila'y nagpaparoo't parito.

**17** Ng magkagayo'y sinabi ni Saul sa bayan na nasa kaniya : Magbilang kayo ngayon at iyong tingnan kung sino ang umalis sa atin. At ng sila'y magbilang, narito, si Jonatan at ang kaniyang tagadala ng sabbat ay wala roon. **18** At sinabi ni Saul kay Ahias : Dalhin ninyo rito ang kaban ng Dios ; sapagka't ang kaban ng Dios ay pandoon ng panahong yaon sa mga anak ng Israel. **19** At nangyari, samantalang nagsasalita si Saul sa sacerdote, na ang kaingay na nasa kampo ng mga Filisteo ay lumalala ng lumalala : at sinabi ni Saul sa sacerdote : Itigil mo ang iyong kamay. **20** At nagpipisan si Saul at ang boong bayan na nasa kaniya at naparoon sa pakikipagbaka ; at narito, ang tabak ng bawa't isa ay laban sa kaniyang kasama, *nagkaroon* ng malaking pagkalansag. **21** Ang mga Hebreo nga na nasa mga Filisteo ng una, na sumampa na kasama nila sa kampo mula sa palibot ng *lupain*, sa makatuid baga'y sila rin ay bumalik na nakipisan sa mga taga Israel na kasama ni Saul at ni Jonatan. **22** Gayon din ang mga lalaki sa Israel na nagsikubli sa lupaing maburod ng Efrain, ng kanilang marinig na ang mga Filisteo ay tumatakas, sila naman ay humabol sa kanila sa pakikipagbaka. **23** Gayon iniligtas ng PANGINOON ang Israel ng araw na yaon : at ang pagbabaka ay napasa Bet-ayen. **24** At ang mga lalaki sa Israel ay namanlaw ng araw na yaon : sapagka't ibinilin ni Saul sa bayan, na sinabing : Sumpain ang lalaki na kumain ng ano mag pagkain hangang sa kinahapunan, at ako'y makaganti sa aking mga kuaway : sa gayo'y wala sino man sa bayan na lumasap ng pagkain. **25** At ang boong bayan ay naparoon sa gubat ; at may pulot sa ibabaw ng lupa. **26** At ng dumating ang bayan sa gubat, narito, ang pulot ay tumutulo : nguni't walang tawo na naglagay ng kaniyang kamay sa kaniyang bibig ; sapagka't ang bayan ay natakot sa sumpa. **27** Nguni't hindi narinig ni Jonatan ng ibilin ng kaniyang ama sa bayan na may sumpa : kaya't kaniyang iniunat ang dulo ng tungkod na nasa kaniyang kamay at isinagi sa pulot, at inilagay ang kaniyang kamay sa kaniyang bibig ; at ang kaniyang mga mata ay nagliwanag. **28** Ng magkagayo'y sumagot ang isa sa bayan, at nagsabing : Ibiniling mahigpit ng iyong ama sa bayan na may sumpa, na sinabing : Sumpain ang tawo na kumain ng pagkain sa araw na ito.

At ang bayan ay pagod. **29** Ng magkagayo'y sinabi ni Jonatan: Binagabag ng aking ama ang lupain: Tingnan niyo, isinasamo ko sa iyo, kung paanong ang aking mga mata ay lumiwanag, sa paraang ako'y lumasa ng kaonti sa pulot na ito. **30** ¿Gaano pa kaya kung ang bayan ay kumaing may kalayaan ngayon sa samsam sa kanilang mga kaaway na kanilang numpungon? sapagka't hindi ba nagkaroon ng malaking patayan ngayon sa mga Filisteo. **31** At kanilang sinugatan ang mga Filisteo ng araw na yaon mula sa Mikmas hangang sa Ayalon: at ang bayan ay totoong pagod. **32** At ang bayan ay dumaluhong sa samsam, at kumuha ng mga tupa, at mga baka, at mga guyang baka at mga pinatay sa lupa: at kinain ng bayan pati ng dugo. **33** Ng magkagayo'y kanilang isinaysay kay Saul, na sinabing: Narito, ang bayan ay nagkasala laban sa PANGINOON, sa kanilang pagkain ng dugo. At kaniyang sinabing: Kayo'y gumawa ng kaliluhan: inyong igulong ang isang malaking bato sa akin sa araw na ito. **34** At sinabi ni Saul: Magsikalat kayo sa bayan at iuyong sabihin sa kanilang: Dalhin sa akin dito ng bawat tawo ang kaniyang baka, at ng bawat tawo ang kaniyang tupa, at mga patayin dito, at kanin, at huag ng magkasala laban sa PANGINOON sa pagkain ng dugo. At dinala ng boong bayan bawat tawo ang kaniyang baka ng gubing yaon at mga pinatay doon. **35** At nagtayo si Saul ng isang altar sa PANGINOON, yaon ang unang altar na itinayo niya sa PANGINOON.

**36** At sinabi ni Saul: Kayo'y bumaba na sumunod sa mga Filisteo sa kinagabihlan, at ating mga samsaman hangang sa paghiliwanag sa umaga, at huag tayong maglabi ng isang tawo sa kanila. At kanilang sinabing: Gawin mo ang inaakala mong mabuti sa iyo. Ng magkagayo'y sinabi ng sacerdote: Tayo'y magsakdal sa Dios. **37** At si Saul ay humingngang payo sa Dios ¿Bahaba ba ako na susunod sa mga Filisteo? ¿Ibibigay mo ba sila sa kamay ng Israel? Ngumi't hindi siya sinagot ng araw na yaon. **38** At sinabi ni Saul: Lumapit kayo rito, kayong lahat na mga puno ng bayan: at malaman at makita kung saan nangaling ang kasalanaug ito sa araw na ito; **39** buhay nga ang PANGINOON na nagliligtas sa Israel, na bagaman si Jonatang aking anak, na walang

pagsalang mamamatay. Ngumi't walang tawo sa boong bayan na sinagot sa kaniya. **40** Ng magkagayo'y sinabi niya sa boong Israel: Lumagay kayo sa isang dako, at ako at si Jonatan na aking anak ay lalagay sa habalang dako. At sinabi ng bayan kay Saul. Gawin mo ang inaakala mong mabuti sa iyo. **41** Kaya sinabi ni Saul sa PANGINOON, sa Dios ng Israel: Ituro mo ang matulid. At si Jonatan at si Saul ay napili: ngumi't ang bayan ay nakataanan. **42** At sinabi ni Saul: Pumili kayo sa akin at kay Jonatan na aking anak: at si Jonatan ay napili. **43** Ng magkagayo'y sinabi ni Saul kay Jonatan: Saysayin mo sa akin kung ano ang iyong ginawa. At isinaysay ni Jonatan sa kaniya, at sinabing: Tunay na ako'y lumasa ng kaonting pulot sa pamamagitan ng dulo ng tungkod na nasa aking kamay: at, narito, ako'y marapat na mamatay. **44** At sinabi ni Saul: Gawing gayon ng Dios at lalo na: sapagka't ikaw ay walang pagsalang mamamatay, Jonatan. **45** At sinabi ng bayan kay Saul: ¿Mamamatay ba si Jonatan, na gumawa nitong dakilang kaligtasan sa Israel? Huang itulot ng Dios. Buhay ang PANGINOON, hindi malalaglag ang isang buhok ng kaniyang ulo sa lupa; sapagka't siya'y gumawa na kasama ng Dios sa araw na ito. Sa gayo'y iniligtas ng bayan si Jonatan, na ano pa't siya'y hindi namatay. **46** Ng magkagayo'y sumampa si Saul mula sa pagsunod ng mga Filisteo: at ang mga Filisteo ay naparoon sa kanilang sariling lugar.

**47** Ng masakop ni Saul ang kaharian sa Israel, siya'y bumaka laban sa lahat niyang mga kaaway sa bawat dako, laban sa Moab at laban sa mga anak ni Ammon at laban sa Edom, at laban sa mga hari sa Zoba, at laban sa mga Filisteo; at saan man siya pumihit ay kaniyang mga dinadaig. **48** At kaniyang ginawang may katapangan, at sinugatan ang mga Amalecita, at iniligtas ang Israelita sa mga kamay ng mga sumamsam sa kanila.

**49** Ang mga anak nga ni Saul ay si Jonatan, at si Isvi, at si Malki-sua: at ang pangalan ng kaniyang dalawang anak na babaye ay ito; ang pangalan ng panganyay ay Merab at ang pangalan ng bata ay Mikal: **50** at ang pangalan ng asawa ni Saul ay Ahimeam, na anak ni Ahimaaz: at ang pangalan ng kaniyang puno sa hukbo ay Abner na anak ni Ner, amain ni Saul. **51** At si Kis ay ama ni Saul;

at si Ner na ama ni Abner ay anak ni Abiel.

**52** At nagkaroon ng mahigpit na pagbabaka laban sa mga Filisteo sa lahat ng kaarawan ni Saul: at sa tuing nakakakilala si Saul ng sino mang makapangyarihang lalaki, o sino mang matapang na lalaki ay kaniyang ipinagsasama.

**15** At sinabi ni Samuel kay Saul: Sinugo ako ng PANGINOON upang pahiran kitang maging hari sa kaniyang bayan, sa Israel: Kaya dingin mo ang tinig ng mga salita ng PANGINOON. **2** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Aking tinandaan ang ginawa ni Amalek sa Israel, kung paanong siya'y humadlang sa kaniya sa daan ng siya'y sumampa mula sa Egipto. **3** Yumaon ka nga at sugatan mo ang Amalek, at iyong lubos na gibain ang boong kanilang tinatankilik, na huag kang manghinayang sa kanila; kungdi patayin mo ang lalaki at babaye, bata at sangol, baka at tupa, kamello at asno.

**4** At pinisan ni Saul ang bayan, at binilang sila sa Telaim, dalawang libo na naglalakad at sampong libong lalaki sa Juda. **5** At dumating si Saul sa ciudad ng Amalek, at binikayan sila sa libis.

**6** At sinabi ni Saul sa mga Keneo: Kayo'y magsiyaon, humiwalay kayo at umalis kayo sa gitna ng mga Amalek, baka kayo'y lipulin kong kasama nila. Sapagka't kayo'y nagpakita ng kagandahangloob sa mga anak ng Israel ng sila'y sumampa mula sa Egipto. Sa gayo'y ang mga Keneo ay umalis sa gitna ng mga Amalek. **7** At sinugatan ni Saul ang mga Amalekita mula sa Havila hangang sa Shur na nasa tapat ng Egipto. **8** At kaniyang kinuhang buhay si Agag na hari ng mga Amalek at lubos na nilipol ang boong bayan ng talim ng tabak. **9** Ngunit iniligtas ni Saul at ng bayan si Agag at ang pinakamahusay sa mga tupa, sa mga baka, at sa mga pinataba, at sa mga cordero, at lahat ng mabuti na mga hindi nila lubos na nilipol; ngunit bawa't bagay na hamak at walang kabuluhan ay kaulang lubos na nilipol.

**10** Ng magkagayo'y dumating ang salita ng PANGINOON kay Samuel, na sinabing: **11** Pinagsisisihan ko na aking inilagay si Saul na hari; sapagka't siya'y nagbalik na hindi sumunod sa akin, at hindi tinupad ang aking mga utos. At si Samuel ay nagalit, at siya'y dumaging sa PANGINOON sa boong gabing yaon. **12** At

si Samuel ay nagbangong maaga upang salubungin si Saul sa kinaumagahan; at isinaysay kay Samuel, na sinabing: Si Saul ay naparoon sa Karmelo, at narito, siya'y nagtayo ng isang monumento sa kaniya, at siya'y bumalik at nagpatuloy, at bumaba sa Gilgal. **13** At naparoon si Samuel kay Saul, at sinabi ni Saul sa kaniyang: Pagpalain ka ng PANGINOON, aking tinupad ang utos ng PANGINOON. **14** At sinabi ni Samuel: Anong kahulugan nga nitong sigaw ng tupa sa aking mga pakinig, at ng ungal ng baka na aking naririnig? **15** At sinabi ni Saul: Sila'y mga dinala mula sa mga Amalecita: sapagka't ang bayan ay nagligtas sa pinakamahusay sa mga tupa at sa mga baka, upang ihayin sa PANGINOONG iyong Dios; at ang natira ay aming lubos na nilipol. **16** Ng magkagayo'y sinabi ni Samuel kay Saul: Tumigil ka at aking sasaysayin sa iyo kung ano ang sinabi ng PANGINOON sa akin ng gabing ito. At sinabi niya sa kaniyang: Sabihin mo. At sinabi ni Samuel. **17** Baga man ikaw ay maliit sa iyong sariling paningin; hindi ba ikaw ay ginawang pangulo sa mga anak ng Israel? at inihalal ka ng PANGINOON na hari sa Israel? **18** At sinugo ka ng PANGINOON sa isang paglalakbay, at sinabing: Ikaw ay yumaon, at iyong lubos na lipulin ang mga makasalanang mga Amalecita, at bakahin mo sila hangang sa sila'y malipol. **19** Bakit nga hindi mo sinunod ang voces ng PANGINOON, kungdi ikaw ay dumaluhong sa pananamsum at ikaw ay gumawa ng masama sa paningin ng PANGINOON? **20** At sinabi ni Saul kay Samuel. Tunay na aking sinunod ang voces ng PANGINOON, at ako'y yumaon sa daan na pinagsuguan sa akin ng PANGINOON at aking dinala si Agag na hari ng Amalek at aking lubos na nilipol ang mga Amalecita. **21** Ngunit ang bayan ay kumuha sa samsam na mga tupa at mga baka, ng pinakamahusay sa mga inihilwalay na bagay, upang ihayin sa PANGINOONG iyong Dios sa Gilgal. **22** At sinabi ni Samuel: Mairoon ba ang PANGINOON na gayong kalaking pagkatua sa mga handog na susunugin at sa mga hayin, na gaya ng sa pagsunod ng voces ng PANGINOON? narito, ang pagsunod ay maigi kay sa hayin, at ang pagdinig ay kay sa taba ng mga tupang lalaki. **23** Sapagka't ang panghihimagsik ay parang kasalanan ng panghuhula, at ang pagsalangsang

ay parang pagsamba sa mga idolo at sa mga toot. Dahil sa iyong itinakuil ang salita ng PANGINOON, kaniya namang itinakuil ka upang huag kang magiging hari na. **21** At sinabi ni Saul kay Samuel: Ako'y nagkasala; sapagka't ako'y sumabang-sang sa ulo ng PANGINOON, at sa iyong salita; sapagka't ako'y natakot sa bayan at sumunod sa kaniyang voces. **22** Ngayon nga'y isinasama ko sa iyo, na ipatawad mo ang aking kasalanan, at bumalik ka uli sa akin upang ako'y sumamba sa PANGINOON. **23** At sinabi ni Samuel kay Saul: Hindi ako lalalik na kasama mo; sapagka't ikaw ay tumakuil sa salita ng PANGINOON, at ang PANGINOON ay itinakuil ka niya upang huag kang magiging hari na sa Israel. **24** At ng punipihit si Samuel upang yumaon, siya'y punigil sa laylayan ng kaniyang balabal, at nahapak. **25** At sinabi ni Samuel sa kaniyang: Hinapak ng PANGINOON ang kaharian ng Israel mula sa iyo ng araw na ito, at ibinigay sa iyong kapua, na magi kay sa iyo. **26** At ang Lakas ng Israel naman ay hindi natubuhanan o magi si man; sapagka't siya'y hindi itang lalaki na magsisi. **27** Ng maglagayo'y kaniyang sinabing: Ako'y nagkasala; gawa may parangalan mo ako, iinasama ko sa iyo, sa harap ng mga matanda ng aking bayan at sa harap ng Israel at magbalik ka uli na kasama ko upang aking sambalin ang PANGINOON ng iyong Dios. **28** Gayon bumalik uli na sumunod si Samuel kay Saul; at sumamba si Saul sa PANGINOON.

**29** Ng magkagayo'y sinabi ni Samuel: Dalhin niyo dito sa akin si Agag na hari ng mga Amalecita, at naparoon si Agag sa kaniya na masaya, at sinabi ni Agag: Tunay na ang kapaitan ng kamatayan ay nakaraan na. **30** At sinabi ni Samuel: ¶ Kung paanong ginawa ng iyong tabak, na maliban ng anak ang mga babaye, ay magiging gayon ang iyong ina na mawawalan ng anak, sa gitna ng mga babaye! At pinagpatulputol ni Samuel si Agag sa harap ng PANGINOON sa Gilgal.

**31** Ng magkagayo'y naparoon si Samuel sa Rama, at si Saul ay sumamba sa kaniyang bahay sa Gibeon ni Saul. **32** At si Samuel ay hindi na napalibang muli kay Saul hangang sa araw ng kaniyang kamatayan, sapagka't si Samuel ay nabumbay dahil kay Saul; at ang PANGI-

NOON ay nagsisi na kaniyang nagawang hari si Saul sa Israel.

**16** At ang PANGINOON ay nagsabi kay Samuel: Hangang kailan tafaghuayan mo si Saul na aking itinakuil siya na maging hari sa Israel? Puncin mo ang iyong sungay ng langis at ikaw ay yumaon, susuguin kita kay Jesse na Betlehemita, sapagka't aking itinaan sa akin na hari sa gitna ng kaniyang mga anak. **2** At sinabi ni Samuel: ¶ Sa ano ako paroroon? Kung marinig ni Saul, kaniyang papatayin ako. At sinabi ng PANGINOON: Magdala ka ng isang dumalagang baka, at iyong sabihing: Ako'y naparito upang maghayin sa PANGINOON. **3** At tawagin mo si Jesse sa paglahayin, at aking ipakikilala sa iyo kung ano ang iyong gagawin; at iyong papahiran sa akin yang sa iyo'y aking sabihin. **4** At ginawa ni Samuel ang sinalita ng PANGINOON at naparoon sa Betlehem. At ang mga matanda sa ciudad ay naparoon upang sulubungin siya at nanginig, at nagsabing: ¶ Naparito ka bang may kapayapaan? **5** At kaniyang sinabing: May kapayapaan; ako'y naparito upang maghayin sa PANGINOON, magpakasanto kayo at sumama kayo sa akin sa paglahayin. At pinapagsanto niya si Jesse at ang kaniyang mga anak, at tinawag niya sila sa paglahayin. **6** At nangyari, ng sila'y dumating ay siya'y tumingin kay Eliab, at nagsabing: Tunay na ang pinahiran ng PANGINOON ay nasa harap niya. **7** Ngunit sinabi ng PANGINOON kay Samuel: Huag mong tingnan ang kaniyang mukha o ang taas ng kaniyang kataasan, sapagka't aking itinakuil siya; sapagka't hindi tumitingin ang PANGINOON na gaya ng pagtingin ng tawo; sapagka't ang tawo ay tumitingin sa mukha, kungdi ang PANGINOON ay tumitingin sa puso. **8** Ng magkagayo'y tinawag ni Jesse si Abinadab, at pinaraan niya sa harap ni Samuel. At kaniyang sinabing: Kahit ito man ay hindi pinili ng PANGINOON. **9** Ng magkagayo'y pinaraan ni Jesse si Samma; at kaniyang sinabing: Kahit ito man ay hindi pinili ng PANGINOON. **10** At pinaraan ni Jesse ang pito sa kaniyang mga anak sa harap ni Samuel, at sinabi ni Samuel kay Jesse: Hindi pinili ng PANGINOON, ang mga ito. **11** At sinabi ni Samuel kay Jesse: ¶ Narito ba ang iyong lahat na anak? at kaniyang sinabing: Natitira pa ang bunso, at narito,

kaniyang inaalagaan ang mga tupa. At sinabi ni Samuel kay Jesse: Magsugo ka at dalhin mo siya rito: sapagka't hindi tayo uupo hangang sa siya'y dumating dito. **12** At siya'y nagsugo at dinala siya *doon*. Siya nga'y may mapulang pisngi, may magandang bikas at mabuting anyo. At sinabi ng PANGINOON: Magtindig ka; pahiran mo siya, sapagka't ito nga. **13** Ng magkagayo'y kinuha ni Samuel ang sungay ng langis at pinahiran siya sa gitna ng kaniyang mga kapatid: at ang espiritu ng PANGINOON ay dumating na makapangyarihan kay David mula ng araw na yaon hangang sa baharapin. Gayon nagbangon si Samuel at napasa Rama.

**14** Datapat't ang espiritu ng PANGINOON ay humiwalay kay Saul, at isang masamang espiritu na mula sa PANGINOON ay bumababa sa kaniya. **15** At sinabi ng mga lingkod ni Saul sa kaniyang: Narito, ngayon, isang masamang espiritu na mula sa Dios ay bumabagabag sa iyo. **16** Lutos ngayon ng aming panginoon sa iyong mga lingkod na nasa harap mo na humanap ng isang lalaki na manunugtog ng alpa; at mangyayari pagka ang masamang espiritu na mula sa Dios ay nasa iyo na siya'y tutugtog ng kaniyang kamay at ikaw ay bubuti. **17** At sinabi ni Saul sa kaniyang mga lingkod: Ipaghanda ni-nyo ako ngayon ng isang lalaki na makatutugtog na nabuti at dalhin niyo siya sa akin. **18** Ng magkagayo'y sumagot ang isa sa mga binata, at nagsabing: narito, aking nakita ang isang anak ni Jesse na Bet-lehemita na manunugtog at makapangyarihang lalaki na may tapang at lalaking pangbaka, at bihasa sa pangungusap at makisig na lalaki, at ang PANGINOON ay sumasa kaniya. **19** Kaya't nagsugo si Saul ng mga sugo kay Jesse, at sinabing: Suguin mo sa akin si David na iyong anak na nasa sa mga tupa. **20** At kumuha si Jesse ng isang asno na may *pasang* tinapay at isang botellang alak, at isang anak ng kambing, at mga ipinadala sa pamamag-itan ni David na kaniyang anak, kay Saul. **21** At dumating si David kay Saul at tumayo sa harap niya: at minahal niya siyang mainam; at siya'y naging tagadala ng sakbat niya. **22** At nagpasabi si Saul kay Jesse: Isinasamo ko sa iyo na tumayo si David sa harap mo; sapagka't siya'y nakasumpong ng biyaya sa aking paningin. **23** At nangyari na sa tuing ang *masamang* espiritu na mula sa Dios ay sumasa kay Saul, kinu-

kuha ni David ang alpa at tinutugtog ng kaniyang kamay: gayon naginghawaian si Saul, at bunuti, at ang masamang espiritu ay humiwalay sa kaniya.

**17** Pinisan nga ng mga Filisteo ang kanilang hukbo upang bumaka, at sila'y nagpipisan sa Soko, na nauukol sa Juda, at nagtayo ng *kampamento* sa pag-itan ng Soko at ng Azeka, sa Efes-dammim. **2** At nagpipisan si Saul at ang mga lalaki ng Israel, at nagsitayo sa libis ng Ela at humanay ng pakikipagbaka laban sa mga Filisteo. **3** At tumayo ang mga Filisteo sa isang dako sa bundok, at tumayo ang Israel sa kabilang dako sa bundok: at may isang libis sa pag-itan nila. **4** At lumabas ang isang bayani sa *kampamento* ng mga Filisteo na tinatawag na Goliat, na taga Gad, na ang taas ay anim na siko at isang dangkal. **5** At siya'y mairuong isang turbanteng tanso, sa kaniyang ulo, at siya'y nabihilisan ng isang kasutang kinaliskis; na ang bigat ng kasutan ay limang libong siklong tanso. **6** At siya'y mairuong sakbat na tanso sa kaniyang mga tuhod, at isang hawid na tanso sa pag-itan ng kaniyang mga balikat. **7** At ang tukod ng kaniyang sibat ay patang palo ng maughahabi; at ang dulo ng kaniyang sibat ay may anim na raang siklong bakal ang *bigat*: at ang kaniyang tagadala ng kalasag ay nauuna sa kaniya. **8** At siya'y tumayo at humiyaw sa mga hukbo ng Israel, at nagsabi sa kanilang: ?Bakit kayo'y lumabas na humanay sa pakikipagbaka? ?Hindi ba ako'y Filisteo, at kayo'y mga lingkod ni Saul? rumili kayo ng isang lalaki sa inyo, at pababain niyo siya sa akin. **9** Kung siya'y makalaban sa akin at mapatay ako, magiging alipin nga niyo kami: nguni't kung ako'y manaig laban sa kaniya, at mapatay ko siya ay magiging alipin nga nanin kayo at maglilingkod sa amin. **10** At sinabi ng Filisteo: Aking inaaway ang mga hukbo ng Israel sa araw na ito; bigyan niyo ako ng isang lalaki upang maglaban kami. **11** At ng marinig ni Saul at ng boong Israel ang mga salitang yaon ng Filisteo, sila'y nanulupaypay, at natakot na mainam.

**12** Si David nga na anak niyaong Efrateo sa Bet-lehem-juda, na ang pangala'y Jesse; at may walong anak; at ang lalaking yaon ay matanda na sa mga kaarawan ni Saul na totoong na pakatanda sa mga lalaki. **13** At ang tatlong pinaka-

matandang anak ni Jesse ay naparoon sumunod kay Saul sa pakikipagbaka, at ang mga pangalan ng kaniyang tatlong anak na naparoon sa pakikipagbaka ay Eliab ang pangalan, at ang sumusunod sa kaniya ay Abinadab, at ang ikatlo ay Samma. **14** At si David ang bunso: at ang tatlong pinakamatanda ay sumunod kay Saul. **15** Si David nga ay nagpaparoót parito mula kay Saul upang pakainin ang mga tupa ng kaniyang ama sa Bet-lehem. **16** At lumalapit ang Filisteo sa kinaumagahan at kinahapunan, at humarap na apat na puong araw.

**17** At sinabi ni Jesse kay David na kaniyang anak: Dalhin mo ngayon sa iyong mga kapatid ang isang efa ritong mais na sinangag, at itong sampuonng tinapay, at dalhin mong madali sa kampa-mento, sa iyong mga kapatid; **18** at dalhin mo ang sampuonng kesong ito sa pmo ng kanilang libo, at tingnan mo kung ano ang kalagayan ng iyong mga kapatid, at kumuha ka ng kanilang sanla. **19** Si Saul nga at sila, at ang boong lalaki ng Israel ay nasa libis ng Ela, na nakikipagbaka sa mga Filisteo. **20** At si David ay nagbangong maaga sa kinaumagahan at iniwan ang tupa sampuon ng tagapag-alaga at yumaon gaya ng inutos sa kaniya ni Jesse; at siya'y naparoon sa lugar ng mga karro, ng ang hukbo ay lumalabas at sunisigaw upang makipagbaka. **21** At ang Israel at ang mga Filisteo ay nahalanay na sa pagbabaka, hukbo laban sa hukbo. **22** At iniwan ni David ang kaniyang daladalahan sa kamay ng tagapag-ingat ng daladalahan, at tumakbo sa hukbo at naparoon, at bumati sa kaniyang mga kapatid. **23** At sa kaniyang pakikipag-usap sa kanila, narito, dumating ang bayani, ang Filisteo na taga Gad, na Goliat ang pangalan sa hanay ng mga Filisteo, at nagsalita ng ayon sa mga gayon ding salita: at mga narinig ni David. **24** At labat ng lalaki sa Israel pagkakita sa lalaking yaon ay tumakas sa kaniyang harapan, at natakot na mainam. **25** At ang mga lalaki sa Israel ay nagsasabing: ? Nakita ba ninyo ang lalaking iyan na sumasampa? Tunay na upang makipag-usap sa Israel sumasampa siya: at magayayari, na ang lalaking makapatay sa kaniya, ay payayamanin ng hari ng malaking kayamanan, at ibibigay sa kaniya ang kaniyang anak na babaye, at gagawing laya ang bahay ng kaniyang ama sa Israel. **26** At nagsalita si David

sa mga lalaking tumayo sa siping niya, na nag-abing: ? Ano ang gagawin sa lalaking makapatay sa Filisteong yaon, at mag-alis sa Israel ng kapintasang ito? sapagka't ?sinong Filisteo ito na hindi tuli upang humarap siya sa mga hukbo ng buhay na Dios? **27** At sumagot sa kaniya ang bayan, ng ganitong paraan, na nagsabing: Ganito ang gagawin sa lalaki na makapatay sa kaniya. **28** At narinig ni Eliab na kaniyang pinakamatandang kapatid, ng siya'y nagsalita sa mga lalaki; at ang galit ni Eliab ay nag-alab laban kay David, at kaniyang sinabing: ? Bakit ikaw ay bumaba dito? at ?kanino mo iniwan ang ilang tupang yaon sa ilang? Talastas ko ang iyong kahambingan, at ang kasam-an ng iyong puso; sapagka't ikaw ay bumaba upang iyong makita ang pagbabaka. **29** At sinabi ni David: ? Anong aking ginawa ngayon? ? Hindi ba isang bagay? **30** At siya'y humiwalay sa kaniya na napatungo sa iba. at siya'y nagsalita ng gayon ding paraan; at sinagot siya uli ng bayan na gawa ng usa. **31** At ng marinig ang mga salita na sinalita ni David, ay sinaysay nila sa harap ni Saul; at siya'y pinasuguan niya. **32** At sinabi ni David kay Saul: Huag manlu-paypay ang puso ng sino man, dahil sa kaniya; ang iyon alipin ay yayaon at makikipagbaka sa Filisteong ito. **33** At sinabi ni Saul kay David: Hindi ka makaparo-ron laban sa Filisteong iyan upang makipagbaka sa kaniya: sapagka't ikaw ay isang bata at siya'y isang lalaki na pang-baka mula sa kaniyang kabinataan. **34** At sinabi ni David kay Saul: Ang iyong alipin ay nag-aalaga ng tupa ng kaniyang ama; at pagka pumaroon ang isang leon o isang oso at kinukuhang ang isang cordero sa kawan, **35** ay lumalabas akong kasunod niya, at aking sinusugatan siya, at aking inililigtas sa kaniyang bibig; at pagka siya'y bumabangon laban sa akin ay aking hinuhuli siya sa kaniyang pangka, at aking sinusugatan siya, at aking pinapatay siya. **36** Pinapatay ng iyong alipin ang leon at gayon din ang oso: at ang Filisteong ito na hindi tuli ay magiging isa sa kanila, sa paraang kaniyang inaway ang mga hukbo ng Dios sa buhay. **37** Sinabi pa ni David: Ang PANGINOON na nagligtas sa akin sa mga pangamot ng leon, at sa pangamot ng oso, siyang magliligtas sa akin sa kamay ng Filisteong ito. At sinabi ni Saul kay David: Yumaon ka at ang PANGINOON ay nasa iyo. **38** At



sinaklatan ni Saul si David ng kaniyang mga sabbat, at kaniyang nilagyan ng isang turbanteng tanso sa kaniyang ulo at kaniyang sinuotan siya ng isang kasuotang kinaliskis. **39** At ibinigkis ni David ang tabak niya sa kaniyang sabbat, at kaniyang tinikmang yumaon; sapagka't hindi pa niya natitikman. At sinabi ni David kay Saul: Hindi ako makayayaon sa dala ko ang mga ito; sapagka't hindi ko pa natitikman. At mga hinubad ni David sa kaniya. **40** At tinangnan niya ang kaniyang tungkod sa kaniyang kamay, at pumili siya ng limang madulas na bato sa batis, at mga isinilid sa supot ng pastor na kaniyang dala; sa makatuid baga'y sa kaniyang balsa, at ang kaniyang panghilagpos ay nasa kaniyang kamay; at siya'y lumapit sa Filisteo. **41** At nagpatuloy ang Filisteo at lumapit kay David; at ang lalaki na may dala ng kalasag ay nangunguna sa kaniya. **42** At ng tumitingin ang Filisteo, at makita si David, ay kaniyang niwalan ng kabuluhan; sapagka't siya'y bata at mapula ang pisngi, at may magandang kias. **43** At sinabi ng Filisteo kay David: ¿Ako ba ay aso, na ikaw ay paririto sa akin na may tungkod,? at nilapastangan ng Filisteo si David sa pamamag-itan ng kaniyang mga dios. **44** At sinabi ng Filisteo kay David: Halika at aking ibibigay ang iyong laman sa mga ibon sa langit at sa mga hayop sa parang. **45** Ng magkagayo'y sinabi ni David sa Filisteo: Ikaw ay naparirito sa akin na may tabak, at may malaking sibat at may sibat; nguni't ako'y naparirito laban sa iyo sa pangalan ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng mga kawal ng Israel na iyong inaaway. **46** Sa araw na ito ay ibibigay ka ng PANGINOON sa aking kamay; at sugatatan kita, at pupugutin ko ang ulo mo sa iyo; at ibibigay ko ang mga bangkay ng hukbo ng mga Filisteo sa mga ibon sa himpapawid sa araw na ito, at sa mababangis na hayop sa lupa; upang malaman ng boong lupa na may Dios sa Israel: **47** at upang malaman ng boong kapisanang ito na hindi nagliligtas ang PANGINOON sa pamamag-itan ng tabak o ng sibat: sapagka't ang pagbabaka ay sa PANGINOON, at ibibigay niya kayo sa aking kamay. **48** At nangyari, na ng humangon ang Filisteo, at sumulong at lumapit upang salubungin sa David, si David ay nagmadali, at tumakbo sa dako ng kawal upang salubungin ang Filisteo. **49** At

isinaot ni David ang kaniyang kamay sa kaniyang balsa, at kumuha doon ng isang bato at inihilagpos, atsinugatan ang Filisteo sa kaniyang noo; at ang bato ay bumaoon sa kaniyang noo; at nabual na pasubasob sa lupa. **50** Sa gayo'y nanaig si David sa Filisteo sa pamamag-itan ng isang panghilagpos at ng isang bato, at sinugatan ang Filisteo at pinatay niya siya; nguni't walang tabak sa kamay ni David. **51** Ng magkagayo'y tumakbo si David at tumayo sa Filisteo, at kinuha, ang kaniyang tabak at binunot sa kaniyang kaloban at pinatay siya, at pinugot ang kaniyang ulo noon. At ng makita ng mga Filisteo na ang kanilang bayani ay namatay, sila'y tumakas. **52** At nagbangon ang mga lalaki sa Israel at sa Juda, at humiyaw at hinabol ang mga Filisteo hangang sa Gat, at sa mga pintuang-daan ng Ekron. At ang mga sugatan sa mga Filisteo ay nabual sa daan ng Saaraim at hangang sa Gat at sa Ekron. **53** At nagbalik ang mga anak ng Israel sa paghabol sa mga Filisteo, at kanilang sinamsam ang kanilang kamento. **54** At kinuha ni David ang ulo ng Filisteo at dinala sa Jerusalem; nguni't kaniyang inilagay ang sabbat niya sa kaniyang dampa.

**55** At ng makita ni Saul si David na lumatabas laban sa Filisteo, kaniyang sinabi kay Abner, na kapitan ng hukbo: Abner ¿kaninong anak ang batang ito? At sinabi ni Abner: Buhay ang iyong kalulua oh hari, hindi ko masabi. **56** At sinabi ng hari: Usisain mo kung kaninong anak ang batang ito, **57** At pagbalik ni David sa pagpatay sa Filisteo, kinuha siya ni Abner at dinala siya sa harap ni Saul, na dala ang ulo ng Filisteo sa kaniyang kamay. **58** At sinabi ni Saul sa kaniyang: Kaninong anak ka binata? At sumagot si David: Ako'y anak ng iyong aliping si Jesse na Betlehe-mita.

**18** At nangyari, ng siya'y makapagsalita kay Saul, na ang kalulua ni Jonatan ay nalakip sa kalulua ni David, at minamahal ni Jonatan siya na parang kaniyang sariling kalulua. **2** At kinuha siya ni Saul ng araw na yaon at hindi siya tinulutang umowi sa bahay ng kaniyang ama. **3** Ng magkagayo'y si Jonatan at si David ay gumawa ng isang tipan, sapagka't minamahal niya siya na parang kaniyang sariling kalulua. **4** At hinubad ni Jonatan ang kaniyang balabal

na nakasapot sa kaniya, at ibinigay kay David, at ang kaniyang sabbat pati ng kaniyang tabak, at ng kaniyang besog, at ang kaniyang panigkis. **5** At lumalabas si David saan man suguin ni Saul, at siya'y lumalagay na maligsi, at inilagay ni Saul siya sa mga lalaking pangbaka at mabuti sa pangingin ng boong bayan, at gayon din sa pangingin ng mga alipin ni Saul.

**6** At nangyari pagdating nila, ng magbalik si David sa Filisteo, na ang mga babaye ay lumabas sa lahat ng ciudad ng Israel, na umaakyat at sumasayaw, upang salubungin ang haring si Saul, ng mga tambol ng kagalakan at ng instrumento ng musika. **7** At nag-acwitan ang mga babaye sa kanilang pagtugtog, at sinasabing:

Pinatay ni Saul ang kaniyang mga libo,  
At ni David ang kaniyang mga sampu-  
puong libo.

**8** At nagalit na mainam si Saul, at ang sabing ito ay hindi niya ibig: at kaniyang sinabing: Kanilang inilagay kay David ay mga sampuon libo, at sa akin ay kanilang inilagay ang mga libo lamang: at ano na lamang ang kaniyang tatankilikin kungdi ang kaharian? **9** at inirapan ni Saul si David mula sa araw na yaon.

**10** At nangyari, ng kinabukasan, na ang masamang espiritu na mula sa Dios ay dumating na makapangyarihan kay Saul, at siya'y humula sa gitna ng babay: at si David ay tumugtog ng kaniyang kamay, gaya ng kaniyang ginagawa araw-araw: at dala ni Saul ang kaniyang sibat sa kaniyang kamay. **11** At inihagis ni Saul ang sibat; sapagka't kaniyang sinabing: Aking susugatan si David hangang sa pinid. At tumaanan si David sa kaniyang harap na makalawa. **12** At natakot si Saul kay David, sapagka't ang PANGINOON ay sumasakaniya, at humiwalay kay Saul. **13** Kaya't inihwalay ni Saul siya sa kaniya, at kaniyang ginawa na kapitan sa isang libo; at siya'y naglalabas at pumasok sa harap ng bayan. **14** Gumagawa si David ng boong katalinuan sa lahat ng paraan; at ang PANGINOON ay sumasakaniya. **15** At ng makita ni Saul na siya'y gumagawa na may katalinuan, siya'y nag-ingat sa kaniya. **16** Ngunit minamahal ng boong Israel at Juda si David; sapagka't siya'y naglalabas at pumasok sa harap nila.

**17** At sinabi ni Saul kay David: Narito

ang aking matandang anak na babaye na si Merab, siya'y aking ibibigay sa iyo na asawa, magpakatayang ka lamang dahil sa akin, at iyong ilaban ang mga pagbabaka ng PANGINOON. Sapagka't sinabi ni Saul: Huag sumakaniya ang aking kamay, kungdi ang kamay ng mga Filisteo, ang sumakaniya. **18** At sinabi ni David kay Saul: Sino ako at ano ang aking buhay, o ang kamag-anakan ng aking ama sa Israel, upang maging manungang ako ng hari? **19** Ngunit nangyari sa panahong yaon, na ng ibibigay kay David si Merab na anak na babaye ni Saul, na siyang ibinigay na asawa kay Adriel na Meholatita. **20** At sinisinta ni Mikal na anak na babaye ni Saul si David: at kanilang isinaysay kay Saul, at ang bagay ay minagaling niya. **21** At sinabi ni Saul: Aking ibibigay sa kaniya siya, upang siya'y maging silo sa kaniya, at upang ang kamay ng mga Filisteo ay maging laban sa kaniya. Kaya't sinabi ni Saul kay David: Ikaw ay magiging aking manungang sa araw na ito, sa ikalawa. **22** At inutos ni Saul sa kaniyang mga lingkod, na sinabing: Lihimin ninyo si David, at inyong sabiling: Narito, kinatutuaan ka ng hari at minamahal ka ng lahat ng kaniyang mga lingkod: ngayon nga ay maging manungang ka ng hari. **23** At sinalita ng mga lingkod ni Saul ang mga salitang yaon sa mga pakinig ni David. At sinabi ni David: Inaakala ba ninyo na magaang bagay ang maging manungang ng hari; sa bagay ako'y isang dukhang tawo at walang kabuluhan? **24** At isinaysay ng mga lingkod ni Saul sa kaniya, na sinabing: Ganitong paraan nagsalita si David. **25** At sinabi ni Saul: Ganito ang inyong sasabihin kay David: Hindi nagnanasa ang hari ng ano mang dote, kungdi isang daang busisi ng mga Filisteo, upang magautihan ang mga kaaway ng hari. Ang hangad nga ni Saul ay maibul sa David sa pamamagitan ng kamay ng mga Filisteo. **26** At ng sayayin ng kaniyang mga lingkod kay David ang mga salitang ito, minagaling na mabuti ni David na maging manungang siya ng hari. At ang mga araw ay hindi pa natutupad: **27** kaya't bumangon si David at yumaon, siya at ang kaniyang mga lalaki, at pumatay sa mga Filisteo ng dalawang daang lalaki; at dinala ni David ang kanilang mga busisi at kaniyang mga ibinigay ng boong bilang sa hari, upang siya'y maging manungang ng hari. At

ibinigay na asawa sa kaniya ni Saul si Mikal na kaniyang anak na babaye. **28** At nakita at nakilala ni Saul na ang PANGINOON ay sumasa kay David; at sinisinta si David ni Mikal na anak ni Saul. **29** At si Saul ay lalong patatakot kay David; at naging kaaway ni David si Saul na palagi.

**30** Ng magkagayo'y lumabas ang mga puno ng mga Filisteo: at nangyari, na sa tuing sila'y lumalabas ay gumagawa ng higit na katalinuan si David kay sa lahat ng mga lingkod ni Saul: sa gayon ang kaniyang pangalan ay lalong namahal.

**19** At nagsalita si Saul kay Jonatan na kaniyang anak at sa lahat ng kaniyang mga lingkod, na kanilang patayin si David; nguni't kinaliligayahang mainam ni Jonatan na anak ni Saul si David. **2** Kaya't isinaysay ni Jonatan kay David, na sinabing: Pinagsisikapan ni Saul na aking ama na patayin ka: ngayon nga'y isinasamo ko sa iyo, na magkubli ka sa kinaumagahan at lumagay sa isang lihim na lugar, at magtago ka: **3** at ako'y lalabas at tatayo sa siping ng aking ama sa parang na iyong kinaroroonan, at ako'y magsasabi sa aking ama ng tungkol sa iyo; at kung may makita akong ano man, ay aking sasaysayin sa iyo. **4** At nagsalita si Jonatan kay Saul na kaniyang ama, ng mabuti tungkol kay David, at sinabi sa kaniyang: Huag magkasala ang hari laban sa kaniyang lingkod na si David; sapagka't hindi siya nagkasala laban sa iyo; at sapagka't ang kaniyang mga gawa ay naging totoong mabuti sa iyo: **5** sapagka't kaniyang inilagay ang kaniyang buhay sa kaniyang kamay, at pinatay ang Filisteo, at gumawa ang PANGINOON ng malaking pagdidiwang para sa boong Israel: nakita mo at nagalak ka: **6** Bakit nga magkakasala ka laban sa walang salang dugo upang patayin si David ng walang ano mang kadahilanan? **6** At dininig ni Saul ang voces ni Jonatan; at sumumpa si Saul: Buhay ang PANGINOON, siya'y hindi papatayin. **7** At tinawag ni Jonatan si David at isinaysay ni Jonatan sa kaniya ang lahat ng mga bagay na ito; at dinala ni Jonatan si David kay Saul, at siya'y lumagay sa kaniyang harap gaya ng una.

**8** At nagkaroon ng pagbabaka uli: at lumabas si David, at bumaka sa mga Filisteo, at pumatay sa kanila ng malaking pagpatay, at sila'y tumakas sa harap niya. **9** At ang espiritu ng masama na

mula sa PANGINOON ay suma kay Saul ng siya'y nakaupo sa kanilang bahay na tangan niya ang kaniyang sibat sa kaniyang kamay; at tumugtog si David ng kaniyang kamay. **10** At pinagsikapan ni Saul na sugatan ng sibat si David hangang sa pinid; nguni't siya'y nakatakas sa harap ni Saul, at ang kaniyang sinugatan ng tabak ay ang pinid: at tumakas si David at tumaanan ng gabing yaon. **11** At nagsugo si Saul ng mga sugo sa bahay ni David, upang siya'y bantayan, at siya'y patayin sa kinaumagahan, at sinaysay sa kaniya ni Mikal na asawa ni David, na sinabing: Kungdi mo iligtas ang iyong buhay ngayong gabi, bukas ay papatayin ka. **12** Kaya inihugos ni Mikal si David sa isang dungawan: at siya'y yumaon, at tumakas, at tumaanan. **13** At kinuha ni Mikal ang mga teraf at inilagay sa hihigan at nilagyan sa ulonan ng isang unan na buhok ng kambing, at tinakpan ng mga damit. **14** At ng magsugo si Saul ng mga sugo upang dakpin si David, kaniyang sinabing: Siya'y may sakit. **15** At nagsugo si Saul ng mga sugo upang tingnan si David, na sinabing: Ipanhik ninyo siya sa akin na nasa kaniyang hihigan, upang aking patayin siya. **16** At ng pumasok ang mga sugo, narito, ang mga teraf ay nasa hihigan, sampuo ng unang buhok ng kambing sa ulonan niya. **17** At sinabi ni Saul kay Mikal: **17** Bakit mo ako dinaya ng ganiyan, at iyong pinaalis ang aking kaaway, na ano pa't siya'y nakataanan? At sumagot si Mikal kay Saul: Kaniyang sinabi sa aking: Payaunin mo ako: **17** Kung hindi, kita'y papatayin?

**18** Si David nga ay tumakas at tumaanan at, naparoon kay Samuel sa Rama, at isinaysay sa kaniya ang lahat na ginawa ni Saul sa kaniya. At siya at si Samuel ay yumaon et tumahan sa Nayot. **19** At nasaysay kay Saul na sinabing: Narito, si David ay nasa Nayot sa Rama. **20** At nagsugo si Saul ng mga sugo upang dakpin si David: at ng kanilang makita ang pulutong ng mga profeta na nanghuhula, at si Samuel ay tumatayong pinakapangulo sa kanila, ang espiritu ng Dios ay dumating sa mga sugo ni Saul, at sila naman ay nanghula. **21** At ng nasaysay kay Saul, siya'y nagsugo ng ibang mga sugo, at sila naman ay nanghula. At si Saul ay nagsugo uli ng mga sugo na ikaitlo, at sila naman ay nanghula. **22** Ng magkagayo'y siya naman

ay naparoon sa Rama at dumating sa malaking balon na nasa Seku; at siya'y tumanong, at nagsabing: **1** Saan nandoon si Samuel at si David? At sinabi ng isa: Narito, sila'y nasa Nayot sa Rama. **23** At siya'y naparoon doon sa Nayot sa Rama; at ang esiritu ng Dios ay dumating sa kaniya naman, at siya'y nagpatuloy, at nanghula hangang sa siya'y dumating sa Nayot sa Rama. **24** At siya'y naghubad naman ng kaniyang mga suot at siya naman ay nanghula sa harap ni Samuel, at nabigang hubad ng araw na yaon at ng boong gabing yaon. Kaya't kanilang sinabing: **2** Si Saul ba naman ay nasa gitna ng mga profeta?

**20** At si David ay tumakas sa Rama mula sa Nayot, at siya'y dumating at nagsabi sa harap ni Jonatan: **1** Ano ang aking ginawa? **2** Anong aking kasam-an? At **3** ano ang aking kasalanan sa harap ng iyong ama, upang kaniyang pagsikapan ang aking buhay? **4** At sinabi niya sa kaniya: Huag itulot ng Dios; hindi ka mamamatay: narito, ang aking ama ay hindi gumagawa ng ano maug bagay na malaki o maliit man, kungdi niya ipasalam sa akin: at **5** bakit ililihim ng aking ama ang bagay na ito sa akin? Hindi gayon. **6** At bukod dito'y sumumpa si David at nagsabing: Talastas ng iyong ama na mabuti, na ako'y nakasumpung ng biyaya sa iyong mga mata; at kaniyang sinasabing: Huag malaman ni Jonatan ito baka siya'y magdala ng maliit; nguni't tunay na ang PANGINOON ay bahay, at gaya ng iyong kalulua ay balay, na wala kungdi isang hakbang sa akin at sa kamatayan. **7** Ng magkagayo'y sinabi ni Jonatan kay David: Ano mang nasain ng iyong kalulua ay aking gagawin dahil sa iyo. **8** At sinabi ni David kay Jonatan: Narito, bukas ay bagong buan, at ako'y nararapat na umupo na kasalo ng hari; nguni't payaunin mo ako upang ako'y magkubli sa parang hangang sa ikatlong araw sa paglubog ng araw. **9** Kung ako'y hindi punahin ng iyong ama, iyo ngang sabihin: Hiniling na mainam sa akin ni David na siya'y patakubhin sa Bet-lehem na kaniyang ciudad: sapagka't ipinagdidiwang doon ang paghahayin sa taon-taon para sa lahat ng kamag-anakan. **10** Kung kaniyang sabihing ganito: Mabuti; ang iyong alipin ay magkakaroon ng kapayapaan; nguni't kung siya'y magalit, talastasin mo nga na ang kasam-an ay sumasa

kaniya. **11** Kaya gawin mo ng magandang kalooban sa iyong alipin: (sapagka't iyong dinala ang iyong alipin sa isang tipan ng PANGINOON sa iyo); nguni't kung magkaroon sa akin ng kasam-an, patayin mo ako; sapagka't **12** bakit mo pa dadalhin ako sa iyong ama? **13** At sinabi ni Jonatan: Malayo sa iyo: sapagka't kung matalastas kong mabuti na ang kasam-an ay sumaaing ama upang dumating sa iyo, **14** hindi ko ba sasaysayin sa iyo? **15** Ng magkagayo'y sinabi ni David kay Jonatan: Sino ang magsasaysay sa akin, kung ang iyong ama ay sumagot sa iyo na may kagalitan? **16** At sumagot si Jonatan kay David: Halika at tayoy lumabas sa parang. At sila'y lumabas nga kapua sa parang.

**17** At sinabi ni Jonatan kay David: Ang PANGINOON, ang Dios ng Israel, maging saksi; pagka aking natarok ang aking ama sa oras na ito sa kinabukasan o sa ikatlong araw, at narito, maging mabuti kay David, **18** Hindi ko nga ba dadalhin sa iyo at ipababatid sa iyo? **19** Gawing gayon ng PANGINOON kay Jonatan, at lalo na kung mabutihin ng aking ama na gawan ka ng kasam-an, kung hindi ko ipahatid at ipasugo sa iyo, upang ikaw ay yumaong payapa: at ang PANGINOON ay sumaiyo gaya ng siya'y nasa aking ama. **20** At huag mangyari kailan man hangang ako'y nabubuhay, na ako'y iyong pagbayaan na gumamit ng kaawaan sa akin ang PANGINOON upang ako'y huag mamatay: **21** kungdi huag mo ring ilihiwalay ang iyong kagandahang-loob sa aking bahay magpakailan man: kahi't man **22** walay ng PANGINOON ang kaaway ni David na isa-isa sa balat ng lupa. **23** Sa gayo'y gumawa si Jonatan ng isang tipan sa bahay ni David, na sinabing: At hihingin ng PANGINOON sa kamay ng mga kaaway ni David. **24** At pinasumpa uli ni Jonatan si David dahil sa pag-ibig niya sa kaniya: sapagka't kaniyang minamahal siya gaya ng pagmamahal niya sa kaniyang sariling kalulua. **25** Ng magkagayo'y sinabi ni Jonatan sa kaniyang: Bukas ay bagong buan, at ikaw ay hindi pupunahin, sapagka't ang iyong upuan ay magiging walang laman. **26** At pagtatagal mo ng tatlong araw ay bababa kang madali at paroroon sa lugar na iyong pinagtayuan ng malapit na ang araw ng usap na ito, at ikaw ay malalagi sa bato ng Ezel. **27** At ako'y magpapahilagpos ng tatlong pana sa dako

niya na parang ako'y nagpahilagpos sa wala. **21** At, narito, aking susuguin ang bata: Ikaw ay yumaon na hanapin mo ang mga pana. Kung aking sabihin sa bata: Narito, ang mga pana ay nangarito sa dako mo: mga kunin mo, ay parito ka; sapagka't may kapayapaan sa iyo at walang ano man, buhay ang PANGINOON. **22** Ngunit kung aking sabihing ganito sa bata: Narito, ang mga pana'y nangasa dako pa roon mo: Ituloy mo ang iyong lakad, sapagka't pinapagpaalam ka ng PANGINOON. **23** At tungkol sa usap na ating pinagsalitaan, narito, ang PANGINOON ay nasa gitna mo at ko magpakailan man.

**24** Sa gayo'y nagkubli si David sa parang: at ng dumating ang bagong buan, ang hari ay umupong kumain. **25** At umupo ang hari sa kaniyang upuan gaya ng kinaugalin niya, sa makatuid baga'y sa upuang nasa siping ng pinid; at tumayo si Jonatan, at naupo si Abner sa siping ni Saul; ngunit ang lugar ni David ay walang laman. **26** Gayon ma'y hindi nagsalita si Saul ng ano man ng araw na yaon: sapagka't kaniyang inisip: May bagay na nangyari sa kaniya. Siya'y hindi malinis; tunay na siya'y hindi malinis. **27** At nangyari ng kinabukasan, pagkaraan ng bagong buan na ikalawang araw, na ang lugar ni David ay walang laman, at sinabi ni Saul kay Jonatan na kaniyang anak: ¿Bakit hindi naparirito ang anak ni Jesse upang kumain, kahit kahapon o ngayon man. **28** At sumagot si Jonatan kay Saul: Namanhik si David na bayaan ko siya na yumaon si Bet-lehem: **29** at kaniyang sinabi: Isimasamo ko sa iyo na payaunin mo ako; sapagka't ang aming kamag-anakan ay may paghahayin sa ciudad; at iniutos sa akin ng aking kapatid na *dumoon*: at ngayon, kung ako'y nakasumpung ng biyaya sa iyong mga mata, ay payaunin mo ako, isinasamo ko sa iyo, at aking tingnan ang aking mga kapatid, kaya hindi siya naparito sa dulang ng hari. **30** Ng magkagayo'y nag-alab ang galit ni Saul laban kay Jonatan, at sinabi niya sa kaniyang: Ikaw ay anak ng masama at mapanghimagsik na babaye ¿Hindi ko ba nalalaman na iyong pinili ang anak ni Jesse upang iyong sariliing kahihiyang, at sa kahihiyang ng kahubaran ng iyong ina? **31** Sapagka't habang nabubuhay ang anak ni Jesse sa ibabaw ng lupa, ikaw ay hindi mapapanatag o ang

iyong kaharian man. Kaya ngayo'y iyong suguin at dalhin siya sa akin, sapagka't siya't tunay na papatayin. **32** At sumagot si Jonatan kay Saul na kaniyang ama, at nagsabi sa kaniya: ¿Bakit siya paptayin? ¿ano ang kaniyang ginawa? **33** At inihandulong ni Saul ang kaniyang sibat sa kaniya upang sugatan siya; na doon nakilala ni Jonatan na pasiya ng kaniyang ama na patayin si David. **34** Sa gayo'y nagtinding si Jonatan sa dulang na may mabangis na galit, at hindi kumain ng ikalawang araw ng bagong buan: sapagka't siya'y nagdalambahati dahil kay David, sapagka't hinipiya siya ng kaniyang ama.

**35** At nangyari sa kinaumagahan, na lumabas si Jonatan sa parang sa takdang panahon, kay David, at isang munting bata ang kasama inya. **36** At sinabi niya sa kaniyang bataan: Takbo, hanapin mo ngayon ang mga pana na aking inihilagpos. At pagtakbo ng bataan, kaniyang inihilagpos ang pana sa dako reon niya. **37** At ng dumating ang bataan sa lugar ng pana na inihilagpos ni Jonatan, sumigaw si Jonatan sa likuran ng bataan, na sinabing. ¿Hindi ba ang pana ay nasa dako pa roon mo? **38** At sumigaw si Jonatan sa likuran ng bataan: Tulin, magmadali ka, huag kang tumigil. At pinulot ng bataan ni Jonatan ang mga pana, at napaaron sa kaniyang panginoon. **39** Ngunit hindi nalalaman ng bataan ano man: si Jonatan at si David lamang ang nakaakalam ng bagay. **40** At ibinigay ni Jonatan ang kaniyang sakbat sa kaniyang bataan, at nagsabi si kaniyang: Yumaon ka, mga dalhin mo sa ciudad. **41** At pagkayaon ng bataan, si David ay tumindig sa lugar sa dakong timugan, at sumubsob sa lupa, at yumukod na makaitlo: at sila'y naghalikan, at umiyak kapua, hangang sa si David ay humigit. **42** At sinabi ni Jonatan kay David: Yumaon kang payapa, yamang tayo'y sumumpa kapua sa atin, sa pangalan ng PANGINOON na nagsabing: Ang PANGINOON ay lalagay sa gitna mo at ko, at sa gitna ng aking bihi at ng iyong bihi, magpakailan man. At siya'y nagbangon at yumaon: at pumasok si Jonatan sa ciudad.

**21** Ng magkagayo'y napaaron si David sa Nob kay Ahimelek na sacerdote: at sinalubong si David ni Ahimelek na nanginiging, at nagsabi sa kaniyang: ¿Bakit ikaw ay nag-iisa, at walang tawong

kasama ka? **2** At si David ay nagsabi kay Ahimelek na sacerdote: Inutusan ako ng hari ng isang bagay, at sinabi sa aking: Huag malaman ng sino man ang bagay na aking isinasugo sa iyo, at ang aking inutos sa iyo at aking inihalal ang mga bataan sa gayo't gayong lugar. **3** Ngayon nga, anong mairoon ka sa iyong kamay? Bigyan mo ako ng limang tinapay sa aking kamay, o ano man mairoon ka. **4** At sumagot ang sacerdote kay David, at nagsabing: Walang karaniwang tinapay sa aking kamay, ngunit mairoon santong tinapay; kung ang mga bataan ay nagpakalayo lamang sa mga babaye. **5** At sumagot si David sa sacerdote, at nagsabi sa kaniyang: Sa katotohanan ang mga babaye ay nalayo sa amin na may tatlong araw na ito; ng ako'y lumabas ang mga daladalanhan ng mga bataan ay santo, бага man isang karaniwang paglalakad; gaano pa kaya ngayon na ang kanilang mga daladalanhan ay santo? **6** Sa gayo'y binigyan ng sacerdote siya ng santong tinapay: sapagka't walang tinapay doon kungdi tinapay na handog, na kinuha sa harap ng PANORNOON, upang maging tinapay na mainit sa araw ng pagkinha. **7** Isang lalaki nga sa mga alipin ni Saul ay nandoon ng araw na yaon, na pinigil sa harap ng PANORNOON: At ang kaniyang pangalan ay Doeg na Edomeo, na pinakapuno ng mga pastor na nauukol kay Saul. **8** At sinabi ni David kay Ahimelek: ¿At wala ka ba sa iyong kamay na sibat o tabak? sapagka't hindi ko nadala kahi't ang aking tabak o ang aking mga sakbat man, dahil sa ang bagay ng hari ay madalian. **9** At sinabi ng sacerdote: Ang tabak ni Goliat na Filisteo, na iyong pinatay sa libis ng Ela, narito, nabibilot sa isang kayo na nasa likod ng efod: kung iyong kukunin yaon, kunin mo: sapagka't walang iba dito liban sa yaon. At sinabi ni David: Walang ibang gaya niyaon; ibigay mo sa akin. **10** At nagbangon si David, at tumakas ng araw na yaon dahil sa takot kay Saul, at naparoon kay Akis na hari sa Gat. **11** At sinabi ng mga alipin ni Akis sa kaniyang: ¿Hindi ba ito'y si David na hari sa lupain? ¿Hindi ba pineg-aawitanan sa kaniya sa mga saway, na sinasabing:

Pinatay ni Saul ang kaniyang mga libo,

At ni David ang kaniyang mga sampuon libo?

**12** At iningatan ni David ang mga salatang ito sa kaniyang puso, at natakot na mainam kay Akis na hari sa Gat. **13** At kaniyang binago ang kaniyang kilos sa harap nila, at nagpakonwaring ulol sa kanilang mga kamay, at nagkuhit sa mga pinto ng pintuung-duan, at pinatulo ang kaniyang laway sa kaniyang ballas. **14** Ng makagayo'y sinabi ni Akis sa kaniyang mga alipin: Narito, tingnan ninyo ang lalaki ay ulol: ¿Bakit nga ninyo dinala siya sa akin? **15** ¿Kulang ba ako ng mga ulol, na inyong dinala ang kototong ito upang maglaro ng kaululan sa aking harap? ¿Iapasok ba ang kototong ito sa aking bahay?

**22** Umalis nga si David doon, at tumakas sa yungib ng Adullam: at ng marinig ng kaniyang mga kapatid at ng bahay ng kaniyang ama, kanilang binaba siya doon. **2** At bawa't isa na napipig-hati, at bawa't isa na may utang, at bawa't isa na may kalumbayan ay nagpisan sa kaniya; at siya'y naging puno nila: at nagkaroon sa kaniya ng may apat na raang katawo.

**3** At naparoon si David mula roon sa Mizpe ng Moab: at kaniyang sinabi sa hari sa Moab: Isinasamo ko sa iyo na ang aking ama at aking ina ay makalabas, at mapasama sa inyo, hangang sa aking malaman kung ano ang gagawin ng Dios sa akin. **4** At kaniyang dinala sila sa harap ng hari sa Moab: at sila'y tumahan na kasama niya boong panahon na si David ay nasa katibayan. **5** At sinabi ng profetang si Gad kay David: Huag kang tumahan sa katibayan; ikaw ay yumaon at nasok sa lupain ng Juda. Ng makagayo'y si David ay yumaon at nasok sa gubat ng Heret.

**6** At narinig ni Saul na si David ay nasumpungan at ang mga lalaki na kasama niya: si Saul nga'y nauupo sa Gibeon sa ilalim ng puno ng sumpalok sa Rama, na tangan ang kaniyang sibat sa kaniyang kamay, at ang lahat ng kaniyang mga lingkod ay nakatayo sa palibot niya. **7** At sinabi ni Saul sa kaniyang mga lingkod na nakatayo sa palibot niya: Dingin ninyo ngayon mga Benjamita; ¿bibigyan ba ang bawa't isa sa inyo ng anak ni Jesse ng mga bukiran at mga uwasan, gagawin ba kayong lahat niya na mga puno ng libubuhim at mga puno ng dadaanin; **8** upang kayong lahat ay magsipagbanta laban sa akin, at walang

nagpakilala sa akin ng gawin ng aking anak ang isang katipunan na kasama ng anak ni Jesse, at wala sino man sa inyo na nagdamdandam dahil sa akin, o nagpakilala sa akin na ang aking anak ay humihikayat sa aking alipin laban sa akin upang bumakay, gaya sa araw na ito? **9** Ng magkagayo'y sumagot si Doeg na Edomeo na nakatayo sa siping ng mga lingkod ni Saul, at nagsabing: Aking nakita ang anak ni Jesse na napanaroon sa Nob, kay Ahimelek na anak ni Ahitub. **10** At siya'y nag-usisa sa PANGINOON tungkol sa kaniya, at binigyan siya ng mga pagkain, at ibinigay sa kaniya ang tabak ni Goliath na Filisteo. **11** Ng magkagayo'y ipinatag wag ng hari si Ahimelek na sacerdote na anak ni Ahitub, at ang boong bahay ng kaniyang ama, na mga sacerdote na nasa Nob, at sila'y napanaroon lahat sa hari. **12** At sinabi ni Saul: Iyong dingin ngayon, ikaw na anak ni Ahitub. At siya'y sumagot: Narito ako, panginoon ko. **13** At sinabi ni Saul sa kaniyang: Bakit kayo ay nagsipagbanta laban sa akin, ikaw, at ang anak ni Jesse, na inyong binigyan siya ng tinapay, at ng tabak, at sumanguni sa Dios para sa kaniya, upang siya'y magbangon laban sa akin na bumakay, gaya sa araw na ito? **14** Ng magkagayo'y sumagot si Ahimelek sa hari, at nagsabing: At sino sa gitna ng lahat ng iyong mga lingkod ang tapat na gaya ni David, na manungang ng hari, at tinatangap sa iyong pulong, at karangaldangal sa iyong bahay? **15** Ako ba'y nagpasimulang sumanguni ngayon sa Dios para sa kaniya? Malayo sa akin: huag ibintang ng hari ang ano mang bagay sa kaniyang lingkod o sa boong bahay man ng aking ama: sapagka't walang nalalamang bagay ang iyong lingkod tungkol sa lahat na ito, munti o malaki. **16** At sinabi ng hari: Ikaw ay walang pagsalang mamamatay, si Ahimelek, ikaw at ang boong bahay ng iyong ama. **17** At sinabi ng hari sa bantay na nangakatayo sa palibot niya: Pumihit kayo at patayin ninyo ang mga sacerdote ng PANGINOON; sapagka't ang kanilang kamay naman ay nasa kay David, at sapagka't, kanilang nalaman na siya'y tumakas, at hindi nila isinumbong sa akin. Nguni't hindi inibig ng mga lingkod ng hari na iunat ang kanilang kamay upang ibual ang mga sacerdote ng PANGINOON. **18** At sinabi ng hari kay Doeg: Pumihit ka at iyong ibual ang

mga sacerdote. At pumihit si Doeg na Edomeo at kaniyang ibinual ang mga sacerdote, at kaniyang pinatay ng araw na yaon ay walong puot lima na lalaki na nagsusuot ng efod na kayong puti. **19** At sinugatan ang Nob, ang ciudad ng mga sacerdote, ng talim ng tabak, ang mga lalaki at gayon din ang mga babaye, ang mga bata at ang mga pasusuhin, at ang mga baka at mga asno at tupa, ng talim ng tabak. **20** At isa sa mga anak ni Ahimelek na anak ni Ahitub na nagnangalang Abiatar ay tumaanan, at tumakas na sumunod kay David. **21** At isinaysay ni Abiatar kay David na pinatay ni Saul ang mga sacerdote ng PANGINOON. **22** At sinabi ni David kay Abiatar: Talastas ko ang araw na yaon ng si Doeg na Edomeo ay naroon, na kaniyang tunay na sasaysayin kay Saul: ako'y naging kadahilanan ng kamatayan ng lahat ng mga tawo sa bahay ng iyong ama. **23** Matira ka na kasama ko, huag kang matakot; sapagka't siya na humahanap ng aking buhay ay humahanap ng iyong buhay: sapagka't kasama ko ikaw ay magiging ligtas.

**23** At kanilang isinaysay kay David, na sinabing: Narito, ang mga Filisteo ay bumaka laban sa Keila, at kanilang ninanakaw ang mga giikan. **2** Kaya't nag-usisa si David sa PANGINOON, na nagsabing; Yayaon ba ako at aking susugatan ang mga Filisteo na ito? At sinabi ng PANGINOON kay David: Yumaon ka at iyong sugatan ang mga Filisteo, at iligtas mo ang Keila. **3** At sinasabi ng mga lalaki ni David sa kaniyang: Narito, tayo'y natatakot dito sa Juda; gaano pa kaya nga kung tayo ay pumaroon sa Keila laban sa mga kawal ng mga Filisteo? **4** Ng magkagayo'y sumanguni uli si David sa PANGINOON. At sumagot ang PANGINOON sa kaniya at nagsabing: Ikaw ay magbangon at bumaba sa Keila; sapagka't aking ibibigay ang mga Filisteo sa iyong kamay. **5** At si David at ang kaniyang mga lalaki ay napanaroon sa Keila, at bumaka sa mga Filisteo, at dinala ang kanilang kawan, at pinatay nila sila ng malaking pagpatay. Gayon iniligtas ni David ang mga tumataban sa Keila.

**6** At nangyari ng makatakas si Abiatar na anak ni Ahimelek kay David sa Keila, na siya'y bumaba na may isang efod sa kaniyang kamay. **7** At nasaysay kay Saul na si David ay napa-

roon sa Keila. At sinabi ni Saul: Ibinigay ng Dios siya sa aking kamay; sapagka't siya'y nararhan sa pa-tukan ng bayan na mauroong mga pintoang-daan at mga halang. **8** At tinawag ni Saul ang boong bayan upang bumaka, upang bumaba sa Keila upang kulungin si David at ang kaniyang mga lalaki. **9** At nalaman ni David na nag-iisip si Saul ng ma-sama laban sa kaniya; at kaniyang sinabi kay Abiatar na sacerdote: Dabhin mo rito ang efod. **10** Ng magkagayo'y sinabi ni David: Oh PANGINOON, na Dios ng Israel, tumay na narito; ng iyong alipin na pinagsisikapan ni Saul na punaroon sa Keila, upang gibain ang ciudad dahil sa akin. **11** Ibibigay ba ako ng mga tawo sa Keila sa kaniyang kamay? Ibababa ba si Saul, ayon sa narinig ng iyong alipin? Oh PANGINOON, na Dios ng Israel, idinalangin ko sa iyo, na saysayin mo sa iyong alipin. At sinabi ng PANGINOON: Siya'y bababa. **12** Ng magkagayo'y sinabi ni David: Ibibigay ba ng mga tawo sa Keila ako at ang aking mga tawo sa kamay ni Saul? At sinabi ng PANGINOON: Ibibigay ka nila. Ng magkagayo'y si David at ang kaniyang mga tawo na may anim na raan, tumindig at umalis sa Keila, at naparoon kung saan sila maakaparoon. At na-aysay kay Saul na si David ay tumamaan sa Keila, at siya'y tumigil ng paglabas.

**14** At si David ay tumahan sa ilang sa mga katibayan, at lumalabi sa lupang maburot sa ilang ng Zif. At hinahanap siya ni Saul araw-araw, ngunit hindi ibinigay ng Dios sa kaniyang kamay. **15** At nakita ni David na lumalabas si Saul upang usigin ang kaniyang buhay: at si David ay nasa ilang ng Zif sa gutat. **16** At si Jonatan na anak ni Saul ay nagbangon, at naparoon kay David sa gutat, at pinagtibay ang kaniyang kamay sa Dios. **17** At sinabi niya sa kaniyang: Huag kang matakot: sapagka't ang kamay ni Saul na aking ama ay hindi ka masusumpungan; at ikaw ay magiging hari sa Israel, at ako'y magiging kasunod mo; at nalalamang gayon ni Saul na aking ama. **18** At silang dalawa ay gumawa ng tipan sa harap ng PANGINOON: at si David ay tumahan sa gutat, at si Jonatan ay umowi sa kaniyang bahay. **19** Ng magkagayo'y sinampa ng mga Zifeo si Saul, sa Gilboa, na sinabing: Hindi ba nagkukubli sa amin si David sa mga katibayan sa gutat, sa burol

ng Hakkila, na nasa timugau ng ilang? **20** Ngayon nga, oh hari, bumaba ka, ayon sa lo ng nasa ng iyong kalulua na bumaba; at ang aming bahagi ay ibibigay sa kamay ng hari. **21** At sicabi ni Saul: Paggalain kayo ng PANGINOON; sapagka't kayo'y nahabag sa akin. **22** Kayo'y yumaon, isina-smo ko sa inyo, iyong siyasating mabuli at talastasin at kilalanin ang kaniyang kinatatayuan, at kung sino ang nakakita sa kaniya doon: sapagka't nasaysay sa akin na siya'y gumagawa na may katahintan. **23** Inyo ngang tingnan, at alamin ang mga taguang lugar na kaniyang pinagtataguan, at bumalik kayo sa akin na may katunayan, at ako'y paroroon kasama ninyo: at mangyayari, kung siya'y nasa lupain, na aking hahanapin siya sa gitna ng lahat na mga libo sa Juda. **24** At sila'y nagtinding at naparoon sa Zif na nagpauna kay Saul: ngunit si David at ang kaniyang mga lalaki ay nasa ilang ng Maon sa Araba sa timugan ng ilang. **25** At si Saul at ang kaniyang mga lalaki ay naparoon upang hanapin siya. At kanilang sinaysay kay David; kaya't siya'y bumaba sa katibayan at tumahan sa ilang ng Maon. At ng marinig ni Saul, kaniyang hinabol si David sa ilang ng Maon. **26** At naparoon si Saul sa dakong ito ng bundok, at si David at ang kaniyang mga tawo ay nasa dakong yaon ng bundok: at si David ay nagmadaling umalis dahil sa takot kay Saul; sapagka't si Saul at ang kaniyang mga tawo ay kumukulong kay David at sa kaniyang mga lalaki upang sila'y hulihin. **27** Ngunit dumating ang isang sugo kay Saul, na nagsabing: Nagmadali ka at parito; sapagka't ang mga Filisteo ay sumalakay sa lupain. **28** Sa gayo'y nagbalik si Saul na mula sa paghabol kay David, at naparoon laban sa mga Filisteo: kaya't kanilang tinawag ang lugar na yaon na Sela-hamalekoth. **29** At si David ay sunempa mula roon, at tumahan sa mga katibayan ng En-gedi.

**24** At nangyari, ng si Saul ay magbalik na mula sa paghabol sa mga Filisteo, na nasaysay sa kaniya, na sinabing: Narito, si David ay nasa ilang ng En-gedi. **2** Ng magkagayo'y kumuha si Saul ng tatlong libong piling lalaki sa boong Israel, at yumaong hinanap si David at ang kaniyang mga lalaki sa mga bundok ng mababangis na kambing. **3** At siya'y naparoon sa mga kulungan ng kawan sa daan, na kinaroroonan ng isang



yungib; at pumasok si Saul upang takpan ang kaniyang mga paa. Si David nga at ang kaniyang mga lalaki ay tumatahan sa pinakalob na bahagi ng yungib. 4 At sinabi ng mga tawo ni David sa kaniyang: Narito, ang araw na sinabi ng Panginoon sa iyo: Narito, aking ibibigay ang iyong kaaway sa iyong kamay, at iyong gagawin sa kaniya kung ano ang mabutihin mo sa iyo. Ng magkagayo'y nagtindig si David at pinutol na lihim ang laylayan ng balabal ni Saul. 5 At nangyari pagkatapos, na nagsugatan ang puso ni David, sapagka't kaniyang pinutol ang laylayan ng balabal ni Saul. 6 At kaniyang sinabi sa kaniyang mga lalaki: Huag itulot ng PANGINOON na ako'y gumawa ng ganitong bagay sa aking panginoon, na pinahiran ng PANGINOON, na aking iinut ang aking kamay laban sa kaniya, sa bagay ay siya ang pinahiran ng PANGINOON. 7 Sa gayo'y pinigilan ni David ang kaniyang mga tawo ng mga salitang ito, at hindi niya sila tinitis na magbangon laban kay Saul. At tumindig si Saul sa yungib at nagpatuloy ng kaniyang lakad. 8 Si David naman ay nagtindig pagkatapos, at lumabas sa yungib, at sumigaw sa likuran ni Saul, na nagsabing: Panginoon ko na hari. At ng lumingon si Saul sa likuran niya, si David ay yumukod ng kaniyang mukha sa lupa, at gumalang. 9 At sinabi ni David kay Saul: Bakit ikaw ay dumidinig ng mga salita ng mga tawo, na nagsabing: Narito, pinagsisipakapang sugatan ka ni David? 10 Narito, nakita ngayon ng iyong mga mata kung paanong ibinigay ka ngayon ng PANGINOON sa aking kamay sa yungib: at ang iba'y nagsabi sa akin na patayin kita: nguni't naawa ang aking mata sa iyo; at aking sinabing: Hindi ko iinut ang aking kamay laban sa aking panginoon; sapagka't siya ang pinahiran ng PANGINOON. 11 Bukod dito'y iyong tingnan, ama ko, oo, tingnan mo ang laylayan ng iyong balabal sa aking kamay: sapagka't sa pagputol ko ng laylayan ng iyong balabal at hindi kita pinatay, talastasin mo at tingnan mo na wala kahit kasam-an o pagsalangsang man sa aking kamay, at hindi ako nagkasala laban sa iyo, bago man iyong hinahabol ang aking kalulua upang kunin. 12 Hatulan ng PANGINOON ako at ikaw, at iganti ng PANGINOON ako sa iyo: nguni't ang aking kamay ay hindi

sasa iyo. 13 Gaya ng sabi ng kawikaan ng mga matanda: Sa masama nagmula ang kasam-an: nguni't ang aking kamay ay hindi sasa iyo. 14 Sa pagsunod kanino lumabas ang hari sa Israel? Sa pagsunod kanino ikaw ay humahabol? Sa pagsunod sa isang patay na aso, sa pagsunod sa isang kuto. 15 Hukuman nga ng PANGINOON, at hatulan ako at ikaw, at tingnan, at ipagsangalang ang aking usap, at iligtas ako sa iyong kamay. 16 At nangyari, ng makatapos si David ng pagsasalita ng mga salitang ito kay Saul, na sinabi ni Saul: Ito ba ang iyong voces, anak kong David? At itinaas ni Saul ang kaniyang voces, at umiyak. 17 At kaniyang sinabi kay David: Ikaw ay lalong banal kay sa akin: sapagka't ikaw ay gumanti sa akin ng mabuti, samantalang ikaw ay aking ginantihan ng kasam-an. 18 At iyong inihayag sa araw na ito kung paanong gumawa ka sa akin ng mabuti: sapagka't ng ibigay ng PANGINOON ako sa iyong kamay, ay hindi mo ako pinatay. 19 Sapagka't kung masumpungan ng isang tawo ang kaniyang kaaway: pababayaan ba niyang yumaong mabuti? kaya't ganti-hin ka ng PANGINOON ng mabuti dahil sa iyong ginawa sa akin sa araw na ito. 20 At ngayo'y narito, talastas ko na ikaw ay tunay na magiging hari, at ang kaharian ng Israel ay matatatag sa iyong kamay. 21 Isumpa mo nga ngayon sa akin sa pangalan ng PANGINOON, na hindi mo puputulin ang aking binhi pagkatapos ko, at hindi mo papawiin ang aking pangalan sa bahay ng aking magulang. 22 At sumumpa si David kay Saul. At si Saul ay umowi; nguni't si David at ang kaniyang mga lalaki ay sumampa sa katibayan.

**25** At namatay si Samuel; at nagpipisan ang boong Israel, at pinaghuhayan siya, at inilibing siya sa kaniyang bahay sa Rama. At nagbangon si David at bumaba sa ilang ng Paran.

2 At may isang lalaki sa Maon, na ang mga pag-aari ay nasa Karmel; at ang lalaki ay totoong malaki, at siya'y mairoong tatlong libong tupa, at isang libong kambing: at kaniyang ginugapitan ang kaniyang tupa sa Karmel. 3 Ang pangalan ng lalaki nga ay Nabal; at ang pangalan ng kaniyang asawa ay Abigail: at ang babaye ay matalino, at may magandang anyo: nguni't ang lalaki ay nangsungit at masama sa kaniyang mga gawa:

at siya'y sa bahay ni Kaleb. **4** At narinig ni David sa ilang na ginugupitan ni Nabal ang kaniyang tuya. **5** At nagsugo si David ng sampuonng bataan, at sinabi ni David sa mga bataan: Sumampa kayo sa Karmel, at kayo'y pumaroon kay Nabal, at batlin niyo siya sa akong pangalan: **6** at ganito ang sasabihin niyo sa kaniya na nutubahay na *maginhawa*: Kapayapaan ang sumaiyo, at kapayapaan ang sumaiyong bahay, at kapayapaan ang sumala latat ng iyong tinatankilik. **7** At nayaoy aking narinig na ikaw ay lagpapagupit; ang iyong mga pastor nga ay nasa sa amin, at hindi namin sinugatan sila, o nagkulang man ng ano mang bagay sa kanilang boong panahon na kanilang ikinaroon sa Karmel. **8** Tanungin mo ang iyong mga bataan, at kanilang sasaysayin sa iyo: kaya't makasumpung ang mga bataan ng biyaya sa iyong mga mata; sapagka't kami ay naparito sa mabuting araw: Isinasamo ko sa iyo, na ibigay mo ano mang masumpungan mo sa iyong kamay, sa iyong mga alipin, at sa iyong anak na kay David. **9** At ng dumating ang mga bataan ni David, kanilang sinulita kay Nabal ang ayon sa lahat ng mga salitang yaon sa pangalan ni David, at nagsitigil. **10** At sinagot ni Nabal ang mga lingkod ni David, at nagsabing: Sino si David? at sino ang anak ni Jesse? maraming mga alipin ngayon sa mga araw na ito na nagsisilayaw baw't isa sa kaniyang panginoon. **11** Akin nga bang kukunin ang aking tinapay at ang aking tubig, at ang aking hayop na aking pinatay dahil sa aking mga mangugupit, at aking ibibigay sa mga tawo na hindi ko nakikilala kung mga taga saan? **12** Sa gayo'y ang mga bataan ni David ay pumihit sa kanilang lakad, at nagbalik, at naparoon, at isinayaw sa kaniya ang ayon sa lahat ng mga salitang ito. **13** At sinabi ni David sa kaniyang mga lalaki: Ibigkis ng baw't isa sa iyo ang kaniyang tabak. At nagbigkis ang baw't isa ng kaniyang tabak; at si David ay nagbigkis din ng kaniyang tabak: at sumampa na sumunod kay David ay may apat na raang lalaki; at natuwag ang dalawang daan sa daladalahan. **14** Ngunit isinaysay ng isa sa mga bataan kay Abigail, na asawa ni Nabal, na sinabing: Narito, si David ay nagsugo ng mga sugomula sa ilang upang bumati sa ating panginoon; at kaniyang nilipad. **15** Ngunit ang mga lalaki ay napakabuti sa

amin, at hindi kami sinugatan, o nagkulang man ng ano mang bagay habang kami ay nakikisama sa kanila, ng kami ay nasa mga parang: **16** Sila'y katibayan sa amin sa gabi at gayon din sa araw boong panghong aming ikawaton sa kanila na nag-aalaga ng mga tupa. **17** Ngayon nga'y iyong alamun at akalain kung ano ang iyong gagawin; sapagka't ang ka-an-an ay ipinasiya na laban sa aming Panginoon, at laban sa kaniyang boong bahay: sapagka't siya'y anak ng Belial, na sino ma'y hindi makapakiusap sa kaniya. **18** Ng magkagayo'y nagmadali si Abigail, at kumaha ng dalawang daang tinapay, at dalawang botellang alak, at limang handang tupa, at limang takal ng mais na sinangag, at isang daang bulig na pasas, at dalawang daang buntan na higo, at mga ipinasan sa mga asno. **19** At sinabi niya sa kaniyang mga bataan: Yumaon kayo sa unahan ko; narito, ako'y susunod sa inyo. Ngunit hindi niya isinaysay sa kaniyang asawang kay Nabal. **20** At nagkagayon, na samantalang siya'y nakasakay sa kaniyang asno at bumababa sa takip ng bundok, na narito, si David at ang kaniyang mga lalaki ay bumababa na pasalunga sa kaniya; at sinalubong niya sila. **21** Sinabi nga David: Tunay na walang kabuluhang aking iningatan ang lahat na tinatankilik ng tawong yaon sa ilang, na ano pa't hindi nawala ang ano man sa lahat na naukol sa kaniya; at kaniyang ibinalik sa akin ay masama sa mabuti. **22** Gawing gayon ng Dios sa mga kaaway ni David, at lalo na, kung ako'y mag-iwan ng labis sa lahat na naukol sa kaniya sa pagbubukang liwayway kahit isang bata. **23** At ng makita ni Abigail si David, ay siya'y nagmadali, at bumaba sa kaniyang asno, at nagpatirapa sa harap ni David, at yunukod sa lupa. **24** At siya'y nagpatirapa sa kaniyang mga paa, at nagsabing: Mapasa akin, panginoon ko, mapasa akin ang kasamang ito: at isinasamo ko sa iyo na iyong papagalitain ang iyong lingkod sa iyong mga pakinig, at iyong dingin ang mga sulita ng iyong lingkod. **25** Isinasamo ko sa iyo, na ang aking panginoon ay buag makitirap sa anak ng Belial na ito, sa matatuld bagay kay Nabal; sapagka't kung ano ang kaniyang pangalan ay gayon siya: Natal ang kaniyang pangalan, at ang kaongmangan ay sumasakaniya: ngunit akong iyong lingkod, hindi nakakita sa mga bataan ng aking panginoon,

na iyon sinugo. **26** Ngayon nga, panginon ko, buhay ang PANGINOON, gaya ng pagkabuhay ng iyon kalulua, yamang ikaw ay pinigil ng PANGINOON sa pagbubuhos ng dugo, at sa panghibiganti mo sa iyo ng iyang sariling kamay, ngayon nga'y ang iyang mga kaaway, at yaong mga umusig ng kasam-an sa aking panginon ay maging gaya ni Nabal. **27** At ngayo'y itong kaloob na dinala ng iyang alipin sa aking panginon ay mabigay sa mga bataan na sumusunod sa aking panginon. **28** Isinasamo ko sa iyo na iyang ipatawad ang pagsalangsang ng iyang alipin: sapagka't tunay na gagawin ng PANGINOON ang aking panginon na isang bahay naalagi, sapagka't ibinabaka ng aking panginon ang mga pagbabaka ng PANGINOON; at ang kasam-an ay hindi masusumpungan sa iyo lahat ng iyang mga araw. **29** At baga man magbangon ang isang lalaki upang habulin ka, at usigin ang iyang kalulua, gayon ma'y ang kalulua ng aking panginon ay matatali sa talian ng buhay na kasama ng PANGINOONG iyang Dios; at ang mga kalulua ng iyang mga kaaway, ay mangagsisihilagpos na parang mula sa gitna ng isang panghilagpos. **30** At mangyayari, pagka nagawa ng PANGINOON sa aking panginon ang ayon sa lahat ng mabuti na kaniyang sinalita tungkol sa iyo, at kaniyang naihalal ka na pangulo sa Israel; **31** na ito'y hindi magiging kalumbayan sa iyo o kutog man ng loob sa aking panginon, maging nagbubo ng dugo sa walang kabuluhan, o gumanti ng sa kaniyang sarili ang aking panginon: at pagka gumawa ang PANGINOON ng mabuti sa aking panginon, alalahanin mo nga ang iyang lingkod. **32** at sinabi ni David kay Abigail: Purihin ang PANGINOON, ang Dios ng Israel, na nagsugo sa iyo sa araw na ito upang salubungin ako: **33** at purihin ang iyang karunungan, at pagpalain ka, na pumigil sa akin sa araw, na ito sa pagbububo ng dugo, at sa pagganti ng sa aking sariling kamay. **34** Sapagka't tunay na ang PANGINOON, ang Dios ng Israel, ay buhay, na siyang pumigil sa akin sa pagsakit sa iyo, kungdi ka nagmadali, at pumaritong sumalubong sa aking, tunay na walang malalabi kay Nabal sa pagbubukang liwayway kahit isang bata. **35** Sa gayo'y tinanggap ni David sa kaniyang kamay ang dinala niya sa kaniya: at sinabi niya sa kaniyang: Sumampa

kang payapa sa iyang bahay; tingnan mo, aking dininig ang iyang voces, at aking tinanggap ang iyang pagkatawo. **36** At naparoon si Abigail kay Nabal; at narito, siya'y gumawa ng isang kasayahan sa kaniyang bahay, gaya ng kasayahan ng isang hari; at ang puso ni Nabal ay nagalak sa kaniyang loob, sapagka't siya'y tootong lango: kaya't siya'y hindi nagsabi sa kaniya ng ano man, munti o malaki, hangang sa pagbubukang liwayway. **37** At nangyari sa kinaumagahan, ng ang alak ay mapawi kay Nabal, na isinaysay ng asawa niya sa kaniya ang mga bagay na ito, at ang kaniyang puso ay namatay sa loob niya, at siya'y naging parang isang bato. **38** At nangyari, na sa may sampuon araw, na sinugatan ng PANGINOON si Nabal, na ano pa't siya'y namatay. **39** At ng marinig ni David na si Nabal ay namatay, kaniyang sinabing: Purihin ang PANGINOON na siyang gumanti ng aking usap sa kamay ni Nabal, at pinigil ang kaniyang alipin sa kasam-an: at ang masamang gawa ni Nabal ay ibinalik ng PANGINOON sa kaniyang sariling ulo. At nagsugo si David upang nagsalita kay Abigail upang kunin siya na asawa. **40** At ng dumating ang mga lingkod ni David kay Abigail sa Karmel, kanilang sinalita sa kaniya, na sinabing: Sinugo kami ni David sa iyo, upang kunin kang kaniyang asawa. **41** At siya'y nagbangon at nagpatirapa sa lupa, at nagsabing: Narito, ang iyang lingkod ay isang alipin upang maghugas ng mga paa ng mga alipin ng aking panginon. **42** At nagmadali si Abigail, at nagbangon, at nakasakay sa isang asno, na kasama ng limang dalaga niya na sumusunod sa kaniya; at siya'y sumunod sa mga sugo ni David, at naging kaniyang asawa. **43** Kinuha naman ni David si Ahinoam, na taga Jezreel; at sila'y kapua naging asawa niya. **44** Ibinigay nga ni Saul si Mikal na kaniyang anak, na asawa ni David, kay Palti na anak ni Lais na taga Galim.

**26** At naparoon ang mga Zifeo kay Saul sa Gibe, na nagsabing: Hindi ba nagtatago si David sa burol ng Hakila, sa tapat ng ilang? **2** Ng magkagayo, y nagbangon si Saul at bumaba sa ilang ng Zif, at kasama niya ang tatlong libong piling lalaki sa Israel upang hanapin si David sa ilang ng Zif. **3** At nagtayo ng kamento si Saul sa burol ng Hakila na nasa tapat ng ilang sa siping ng daan.

Ngunit si David ay tumahan sa ilang, at kaniyang nakita na si Saul ay sumusunod sa kaniya sa ilang. **4** Nagsugo nga si David ng mga tiktik, at nalaman na tumay na dumarating si Saul. **5** At si David ay nagbangon at naparoon sa lugar na Hinatayan ni Saul: at nakita ni David ang lugar na kinalalagyan ni Saul at ni Abner na anak ni Ner, na kapitan ng kaniyang hukbo: at si Saul ay humiga sa lugar ng mga karro, at ang bayan ay tumayo sa palibot niya. **6** Ng magkagayo'y sumagot si David, at nagsabi kay Ahimelek na Hiteo, at kay Abisai na anak ni Zerabaya, na kapatid ni Joab, na nagsabing: *¿Sino ang bababa na kasama ko kay Saul sa kampa- namento? At sinabi ni Abisai: Ako'y bababa na kasama mo.* **7** Sa gayo'y naparoon si David at si Abisai sa bayan sa kinagabihan: at, narito, si Saul ay nakatulong sa loob ng lugar ng mga karro na dala ang kaniyang sibat na vakasakak sa lupa sa kaniyang ulonan: at si Abner at ang bayan ay nakahiga sa palibot niya. **8** Ng magkagayo'y sinabi ni Abisai kay David: *Ibinigay ng Dios ang iyong kaaway sa iyong kamay sa araw na ito: ngayon nga'y isinasamo ko sa iyo, na aking sugatan siya ng sibat sa lupa sa sakak, at hindi ko susugatan siya ng ilalawa.* **9** At sinabi ni David kay Abisai: *Huag mong patayin siya: sapagka't ¿sino ang mag-uunat ng kaniyang kamay laban sa pinahiran ng PANGINOON at mawawalang ng sala?* **10** At sinabi ni David: *Buhay ang PANGINOON, ang PANGINOON ay siyang sugat sa kaniya; o darating ang kaniyang araw upang mamatay; o siya'y bababa sa pagbabaka, at mamamatay.* **11** Huag itulot ng PANGINOON na aking iunat ang aking kamay laban sa pinahiran ng PANGINOON: ngunit ngayo'y iyong kunin, isinasamo ko sa iyo, ang sibat na nasa kaniyang ulonan, at ang saro ng tubig, at tayo'y yumaon. **12** Sa gayo'y kinuha ni David ang sibat at ang saro ng tubig sa ulonan ni Saul; at sila'y umalis, at walang nakakita, o nakaalam man, o nagsisiw man ang sino man: sapagka't sila'y pawang mga tulong; sapagka't isang mahimbing na pagkakatulog ang inihulog sa kanila ng PANGINOON. **13** Ng magkagayo'y dumaan si David sa kabilang dako, at tumayo sa taluktok ng bundok na may kalayaan; na may malaking pag-itan sa kanila: **14** at sumigaw si David sa bayan at kay Abner na anak ni Ner, na nagsabing: *¿Hindi ka suma-*

agot Abner? Ng magkagayo'y sumagot si Abner at nagsabing: *¿Sino ikaw na sumisigaw sa hari? ¿At sinabi ni David kay Abner: ¿Hindi ka ba matapang na lalaki? ¿at sino ang gaya mo sa Israel? ¿Bakit nga hindi mo binantayan ang iyong panginoon na hari? sapagka't nasok ang isa sa bayan upang patayin ang hari na iyong panginoon.* **16** Ang bagay na ito na iyong ginawa ay hindi mabuti. Buhay ang PANGINOON, kayo'y marapat na mamatay, sapagka't hindi ni-nyo binantayan ang iyong panginoon, ang pinahiran ng PANGINOON. At ngayo'y tingnan niyo kung saan nandoon ang sibat ng hari, at ang saro ng tubig na nasa kaniyang ulonan. **17** At nakilala ni Saul ang voces ni David at nagsabing: *¿Ito ba ang iyong voces, anak kong David? At sinabi ni David: Aking voces nga panginoon ko, oh hari.* **18** At kaniyang sinabing: *¿Bakit hinahabol ng aking panginoon ang kaniyang alipin? ¿Sapagka't ano ang aking ginawa? o ano ang kasam-an na nasa aking kamay.* **19** Ngayon nga, isinasamo ko sa iyo, na dingin ng aking panginoon na hari ang mga salita ng kaniyang alipin. Kung ang PANGINOON ay siyang nag-udyok sa iyo laban sa akin, ay tumanggap siya ng isang handog: ngunit kung ang mga anak ng tawo, sumpain sila sa harap ng PANGINOON; sapagka't sila'y nagpalayas sa akin sa araw na ito upang huag akong magkaroon ng bahagi ng mana sa PANGINOON, na nagsabing: *Ikaw ay yumaon, maglingkod ka sa ibang mga dios.* **20** Ngayon nga'y huag itulot ang aking dugo sa lupa sa harap ng PANGINOON: sapagka't lumabas ang hari sa Israel upang humanap ng isang keto, gaya ng isang humahabol ng isang pugo sa mga bundok. **21** Ng magkagayo'y sinabi ni Saul: *Ako'y nagkasala: magtalik ka, anak kong David: sapagka't hindi na ako gagawa ng masama sa iyo, sapagka't ang aking buhay ay mahalaga sa iyong mga mata sa araw na ito: narito, ako'y naglaro ng kamangmangan, at ako'y nagkamaling mabuti.* **22** At sumagot si David at nagsabing: *¿Narito ang sibat, oh hari! paparitihin mo ang isa sa mga bataan at kunin.* **23** At ibalik ng PANGINOON sa baw't tawo ang kaniyang katutiran at ang kaniyang pagtatapat: sapagka't kung paanong ibinigay ng PANGINOON ikaw sa aking kamay ngayon, at hindi ko iniunat ang aking kamay laban sa

pinahiran ng PANGINOON. **24** At narito, sa paraan na ang iyong buhay ay mahalaga na mainam sa aking mga mata sa araw na ito, ay gayon mahalaga na mainam ang aking buhay sa mga mata ng PANGINOON, at iligtas niya ako sa boon kapighatian. **25** Ng magkagayo'y sinabi ni Saul kay David: Paggalain ka, anak kong David: ikaw ay gawawa na makapangyarihan, at tunay na ikaw ay mananaig. Sa gayo'y nagpatuloy si David ng kaniyang lakad, at si Saul ay nagbalik sa kaniyang lugar.

**27** At sinabi ni David sa kaniyang puso: Ako'y mamamatay isang araw sa kamay ni Saul: walang ano man bagay na maibuti sa akin kungdi ang tumakas na patungo sa lupain ng mga Filisteo; at si Saul ay mawalan ng pag-asa tungkol sa akin, upang buag na akong hanapin sa labat ng hanganan ng Israel: sa gayo'y ako'y tatakas sa kaniyang kamay. **2** At si David ay nagbangon at lumipat siya, at ang anin na raang lalaki na nasa kaniya, kay Akis na anak ni Maok na hari sa Gat. **3** At tumahan si David na kasama ni Akis sa Gat, siya at ang kaniyang mga lalaki, bawa't lalaki ay kasama ang kaniyang kasambahay, sa makatuid baga'y si David sampuo ng kaniyang dalawang asawa, si Ahinoam na taga Jezreel at si Abigail na taga Karmel na asawa ni Nabal. **4** At nasaysay kay Saul na si David ay tumakas na napatungo sa Gat: at hindi na niya hinanap siya uli.

**5** At sinabi ni David kay Akis: Kung ngayo'y nakasumpung ako ng biyaya sa iyong mga mata, bigyan nila ako ng isang lugar sa isa sa mga ciudad sa lupain, upang ako'y tumahan doon: sapagka't bakit tataan ang iyong alipin sa ciudad ng hari na kasama mo? **6** Ng magkagayo'y ibinigay ni Akis sa kaniya ang Ziklag ng araw na yaon: kaya't ang Ziklag ay naukol sa mga hari sa Juda sa araw na ito.

**7** At ang bilang ng mga araw na itinahan ni David sa lupain ng mga Filisteo ay isang beong taon at apat na buan. **8** At sumampa si David at ang kaniyang mga lalaki, at gumawa ng pakikipagtalo sa mga Gesureo, at sa mga Girzita, at sa mga Amalecita; sapagka't ang mga nacióng yaon ay siyang mga tumatalan sa lupain na malaon, na parang kung ikaw ay paroroon sa Shur, sa makatuid baga'y sa lupain ng Egipto. **9** At sinusugatan ni David ang lupain: at hindi iniligtas

kahi't ang lalaki o ang babaye man na buhay, at kinukula ang tupa at ang mga baka, at ang mga asno, at ang mga kamello, at ang mga kasnotan; at siya'y naglalik, at naparoon kay Akis. **10** At sinabi ni Akis: Saan kayo gumagawa ng pakikipagtalo ngayon? At sinabi ni David: Laban sa Timugan ng Juda, at laban sa Timugan ng mga Jerameel, at laban sa Timugan ng mga Kenco. **11** At hindi iniligtas ni David na buhay kahi't ang lalaki o ang babaye man, upang dalhin sa Gat, na sinasabing: Baka sila'y magsumbong laban sa atin, na sabihing: Ganoon ang ginawa ni David, at gayon ang kaniyang paraan sa boong panahon na kaniyang itinahan sa lupain ng mga Filisteo. **12** At naniwala si Akis kay David, na nagsabing: Kaniyang lubos na ginawang nakapopoot ang kaniyang bayang Israel: kaya't siya'y magiging aking alipin magpakailan man.

**28** At nangyari sa mga araw na yaon, na pinisan ng mga Filisteo ang kanilang mga hukbo sa pakikipagbaka upang bumaka sa Israel. At sinabi ni Akis kay David: Talastasin mo na maibuti, na ikaw ay lalabas na kasama ko sa hukbo, ikaw at ang iyong mga lalaki. **2** At sinabi ni David kay Akis: Kaya't magawin ng iyong alipin. At sinabi ni Akis kay David: Kaya't gagawing kitang bantay sa aking ulo magpakailan man.

**3** Si Samuel nga ay namatay, at pinanaghayan ng boong Israel siya sa Rama, sa makatuid baga'y sa kaniyang sariling ciudad. At pinaalis ni Saul yaong mga may espiritu pitoniko, at ang mangga manghuhula sa lupain. **4** At nagpipisan ang mga Filisteo, at naparoon at nagtayo ng kamento sa Sunem: at pinisan ni Saul ang boong Israel, at sila'y nagtayo ng kamento sa Gilboa. **5** At ng makita ni Saul ang hukbo na mga Filisteo, siya'y natakot, at ang kaniyang puso ay nanginig na mainam. **6** At ng mag-usisa si Saul sa PANGINOON, hindi siya sinagot ng PANGINOON, maging sa panaginip man, o sa Urim man, o sa pamamagitan ng mga profeta man. **7** Ng magkagayo'y sinabi ni Saul sa kaniyang mga alipin: Ihanap ninyo ako ng isang babaye na may espiritu pitoniko, upang ako'y pumaroon sa kaniya, at mag-usisa sa kaniya. At sinabi ng kaniyang mga alipin sa kaniyang: Narito, may isang babaye na may espiritu pitoniko sa En-dor. **8** At hindi narakilala si Saul, at nagsuot ng ibang

kasuotan, at naparoon siya at ang dala-  
wang lalaki na kasama niya, at sila'y na-  
paroon sa babaye ng kinagabihan: at ka-  
niyang sinabing: *Hulaan mo sa akin,*  
*isinasamo ko sa iyo, sa pamamag-itan ng*  
*espiritu pitoniko, at isampa mo ako kung*  
*saan ituro sa iyo.* **9** At sinabi ng babaye  
sa kaniyang: *Narito, iyong nalalaman*  
*ang ginawa ni Saul, kung paanong kani-*  
*yang inihawalay yaong mga mayroong*  
*espiritu pitoniko, at ang mga manghu-*  
*hula, sa lupain: ; bakit nga ipinaglilagay*  
*mo ng silo ang aking buhay, upang ipa-*  
*patay ako?* **10** At sumumpa si Saul sa  
kaniya sa pamamag-itan ng PANGINOON,  
na sinabing: *Buhay ang PANGINOON,*  
*walang parusang mangyayari sa iyo dahil*  
*sa bagay na ito.* **11** Ng magkagayo'y  
sinabi ng babaye: ; *Kanino isasampa*  
*kita? At kaniyang sinabing: Isampa*  
*mo si Samuel sa akin.* **12** At ng makita  
ng babaye si Samuel, siya'y sumigaw ng  
malakas na voces: at nagsalita ang ba-  
baye kay Saul, na sinabing: ; *Bakit mo*  
*ako dinadaya? sapagka't ikaw ay si Saul.*  
**13** At sinabi ng hari sa kaniyang: *Huag*  
*kang matakot: sapagka't anong iyong*  
*nakikita? At sinabi ng babaye kay Saul:*  
*Aking nakakita'y isang dios na sama-*  
*sampa mula sa lupa.* **14** At kaniyang  
sinabi sa kaniyang: ; *Ano ang kaniyang*  
*hichura? at sinabi niyang: Isang ma-*  
*tandang lalaki ay sumasampa; at siya'y*  
*nabibilot ng isang balabal.* At nakilala  
ni Saul, na si Samuel, at siya'y nagpati-  
rapa sa lupa, at gumalang. **15** At sinabi  
ni Samuel kay Saul: ; *Bakit mo binaga-*  
*bag ako sa aking pag-sampa? At sumagot*  
*si Saul: Ako'y toteong nagigipit; sa-*  
*pagka't ang mga Filisteo ay bumabaka*  
*latan sa akin, at ang Dios ay humiwalay*  
*sa akin, at hindi na ako sinasagot, kahit*  
*sa pamamag-itan ng mga profeta, o ng*  
*panaginip man: kaya tinawag kita, upang*  
*maipakilala mo sa akin kung ano ang*  
*aking gagawin.* **16** At sinabi ni Samuel:  
; *Bakit nga nagtatanong ka sa akin, sa*  
*bagay ang PANGINOON ay humiwalay sa*  
*iyo, at naging iyong kaaway?* **17** At  
ginawa ng PANGINOON gaya ng sinalita  
niya sa pamamag-itan ko: at hinapak ng  
PANGINOON ang kaharian sa iyong kamay,  
at ibinigay sa iyong kapua, sa makatuid  
baga'y kay David. **18** Sapagka't hindi  
mo sinuned ang voces ng PANGINOON, at  
hindi mo ginawa ang kaniyang mabagsik  
na galit kay Amalek, kaya't ginawa ng  
PANGINOON ang bagay na ito sa iyo

sa araw na ito. **19** Bukod dito'y ibibigay  
ng PANGINOON ang Israel naman na kala-  
kip mo sa kamay ng mga Filisteo: at  
bukas, ikaw at ang iyong mga anak ay  
mapapasama sa akin: ibibigay ng PANGI-  
NOON ang hukbo ng Israel naman sa ka-  
may ng mga Filisteo. **20** Ng magkaga-  
yo'y nabual si Saul na matagal sa lupa, at  
siya'y natakot na maimam, dahil sa mga  
salita ni Samuel: at nawalan ng lakas  
siya; sapagka't hindi siya kumain ng ti-  
napay boong araw, o boong gabi man.  
**21** At naparoon ang babaye kay Saul,  
at nakita na siyang totoong bagabag, at  
sinabi sa kaniyang: *Narito, narinig ng*  
*iyong alipin ang iyong voces, at aking*  
*inilagay ang aking buhay sa aking kamay,*  
*at aking dininig ang iyong mga salita na i-*  
*yong sinalita sa akin.* **22** Ngayon nga, isi-  
nasamo ko sa iyo, iyong dingin naman ang  
voces ng iyong alipin, at papaglagyin mo  
ako ng isang subo na tinapay sa harap  
mo; at iyong kanin upang ikaw ay mag-  
karoon ng lakas, paglakad mo ng iyong  
lakad. **23** Ngunit siya'y tumangit at nag-  
sabung: *Hindi ako kakain.* Ngunit  
ipinilit ng kaniyang mga alipin na kasa-  
ma ng babaye; at dininig niya ang kani-  
lang voces. Sa gayo'y siya'y nagtindig sa  
lupa at umupo sa hiligan. **24** At ang  
babaye ay mairroong isang matabang gu-  
yang baka sa bahay; at siya'y nagmadali,  
at pinatay niya; at siya'y kumuha ng  
harina at kaniyang minasa, at kaniyang  
niluto na tinapay na walang levadura:  
**25** at sa kaniyang dinala sa harap ni Saul,  
at sa harap ng kaniyang mga alipin; at  
sila'y kumain. Ng magkagayo'y sila'y  
nagbangon at lumabas ng gabing yaon.

**29** Pinisan nga ng mga Filisteo ang  
lahat nilang hukbo sa Afek: at  
ang mga taga Israel ay nagtayo ng kampa-  
mento sa bukal na iasa Jezreel. **2** At  
ang mga puno ng mga Filisteo ay nag-  
dadaan na mga daan daan, at mga libo  
libo: at si David at ang kaniyang mga  
tawo ay nagdadaan sa mga huli na kasa-  
ma ni Akis. **3** Ng magkagayo'y sinabi  
ng mga puno ng mga Filisteo: ; *Sinong*  
*mga Hebreo ito? At sumagot si Akis sa*  
*mga puno ng mga Filisteo: ; Hindi ba*  
*ito ay si David na lingkod ni Saul na hari*  
*sa Israel na napasa akin ng mga araw na*  
*ito, o ng mga taeng ito, at hindi ako*  
*nakasumpung ng ano mang kakulungan*  
*sa kaniya mula ng siya'y lumapit sa akin*  
*hangang sa araw na ito?* **4** Ngunit ang  
mga puno ng mga Filisteo ay nagalit sa

kaniya; at sinabi ng mga puno ng mga Filisteo sa kaniyang: Iyong ibalik ang tawong iyan, upang siya'y bumalik sa kaniyang lugar na iyong pinaghalalan sa kaniya, at huag niyang pababain na kasama natin sa pakikipagbaka, baka sa pagbabaka siya'y maging kaaway natin: sapagka't paanong nakipagkasundo ito sa kaniyang panginoon? Hindi ba sa pamamagitan ng mga ulo ng mga tawong ito? 5 Hindi ba ang David na ito, na siyang kanilang pinag-aawitanan sa mga sayaw, na sinasabing:

Pinatay ni Saul ang kaniyang mga libo,

At ni David ang kaniyang mga sampuong libo?

6 Ng magkagayo'y tinawag ni Akis si David, at sinabi sa kaniyang: Bubay ang PANGINOON, ikaw ay matuid, at ang iyong paglabas at ang iyong pagpasok na kasama ko sa hukbo ay mabuti sa aking paningin: sapagka't hindi ako nakasumpung ng kasam-an sa iyo mula sa araw ng iyong pagdating sa akin hangang sa araw na ito: gayon ma'y hindi ka kinailugdan ng mga puno. 7 Kaya't ngayo'y ikaw ay bumalik at yumaong payapa, upang huag kang kagalitan ng mga puno ng mga Filisteo. 8 At sinabi ni David kay Akis: Ngunit ano ang aking ginawa? at ano ang iyong nasumpungan sa iyong alipin habang ako'y nasa sa harap mo hangang sa araw na ito, upang ako'y huag yumaon at bumaka laban sa mga kaaway ng aking panginoon na hari? 9 At sumagot si Akis, at sinabi kay David: Talastas ko na ikaw ay mabuti sa aking paningin, na parang isang angel ng Dios: gayon ma'y sinabi ng mga puno ng mga Filisteo: Hindi siya sasampa na kasama natin sa pakikipagbaka. 10 Kaya't bumangon kang maaga sa kinaumagahan na kasama ng mga lingkod ng iyong panginoon na napatirong kasama mo; at pagkabangon ninyong maaga sa kinaumagahan, at paglilivanag ay yumaon kayo. 11 Sa gayo'y si David ay nagbangong maaga, siya at ang kaniyang mga lalaki, upang yumaon sa kinaumagahan, na magbalik sa lupain ng mga Filisteo. At ang mga Filisteo ay sumampa sa Jezreel.

30 At nangyari, ng si David at ang kaniyang mga lalaki ay dumating sa Ziklag, sa ikatlong araw, na ang mga Amalecita ay sumalakay sa timugan, at sa Ziklag, at sinugatan ang Ziklag, at

sinunog ng apoy; 2 at binihag ang mga babaye at lahat na nandoon, ang maliit at gayon din ang malaki: hindi nila pinatay ang sino man, kungdi kanilang mga dinala, at nagpatuloy ng kaniyang lakad. 3 At ng si David at ang kaniyang mga lalaki ay dumating sa ciudad, narito, sinunog ng apoy; at ang kanilang mga asawa, at ang kanilang mga anak na lalaki at babaye ay binibag. 4 Ng magkagayo'y si David at ang bayan na nasa kaniya ay nagtaas ng voces, at umiyak, hangang sa sila'y nawalan ng kapangyarihang umiyak. 5 At ang dalawang asawa ni David ay nabihag; Si Ahinoam na taga Jezreel, at si Abigail, na asawa ni Nabal, na taga Karmel. 6 At nagipit na totoo si David, sapagka't pinagsalitaanan ng bayan na batuhin siya, sapagka't ang kalulua ng boong bayan ay pumanlaw, bawa't tawo dahil sa kaniyang mga anak na lalaki at babaye; ngunit si David ay nagpakatibay sa PANGINOONG kaniyang Dios.

7 At sinabi ni David kay Abiatar na sacerdote, na anak ni Ahimelek: Isinasamo ko sa iyo na dalhin mo rito ang efod kay David. 8 At nag-usisa si David sa PANGINOON, na nagsabing: Kung aking habulin ang pulutong na ito, ay aking bang mga aabutan? At sinagot niya siyang: Iyong habulin: sapagka't tunay na iyong aabutan, at walang pag-salang mababawi mo ang lahat. 9 Sa gayo'y yumaon si David, siya at ang anim na raang lalaki na nasa kaniya, at napaaroon sa batis ng Besor, na kinaroroonan noong mga naiwan sa likuran. 10 Ngunit hinabol ni David, niya at ng apat na raang lalaki: sapagka't ang dalawang daan ay natira sa likuran, na mga pagod na hindi na nakaraan sa batis ng Besor: 11 at sila'y nakasumpung ng isang taga Egipto sa parang at dinala nila siya kay David, at binigyan nila siya ng tinapay, at kumain; at binigyan nila siya ng tubig na mainom: 12 at binigyan nila siya ng isang bunton ng higos, at dalawang buig na uvas; at ng kaniyang makain, ang kaniyang espiritu ay nagbalik uli sa kaniya: sapagka't hindi siya nakakain ng tinapay o nakainom man ng tubig, na tatlong araw at tatlong gabi. 13 At sinabi ni David sa kaniyang: Kamino ka ba nauukol? at taga suan ka? at sinabi niyang: Ako'y isang binata na taga Egipto, alipin ng isang Amalecita; at ipinawak

ng aking panginoon, sapagka't pagkaraan ng tatlong araw na ako'y nagkasakit, **14** kami ay sumalakay sa Timugan ng mga Kereteo, at sa naukol sa Juda, at sa Timugan ng Kaleb; at aming sinunog ang Ziklag ng apoy. **15** At sinabi ni David sa kaniyang: Ibababa mo ba ako sa pulutong na ito? At kaniyang sinabing: Sumunpa ka sa akin sa pangalan ng Dios; na hindi mo ako papatayin, o ibibigay man sa mga kamay ng aking panginoon, at aking ibababa kita sa pulutong na ito. **16** At ng kaniyang maibaba, narito, sila'y nangangalat sa buong lupain, na kumukain at umiinom, at nagkakasayanan, dahil sa lahat na malaking samsam na kanilang nakuha sa lupain ng mga Filisteo, at sa lupain ng Juda. **17** At sinugatan ni David sila mula sa pagtatakip silim hangang sa paghubog ng araw sa sumunod na araw; at walang nakitaan sa kanilang tawo, liban sa apat na raang bataan na nakasakay sa mga kawallo at tumakas. **18** At binawi ni David ang lahat na nakuha ng mga Amalecita; at iniligtas ni David ang kaniyang dalawang asawa. **19** At walang nagkulang sa kanila, kahit maliit o malaki man kahit mga anak na lalaki o babaye man, kahit samsam man, kahit ano mang bagay na nakuha nila sa kanila: ibinalik na lahat ni David. **20** At kinuha ni David ang lahat ng mga kawan at mga bakahan, na kanilang dinala na nasa sa harap noong mga ibang hayop, at sinasabing: Ito'y samsam ni David. **21** At napareon si David sa dalawang daang lalaki, na totoong mga pagod na hindi mga nagasurod kay David, na kanila namung pinatahan sa batis ng Besor; at sila'y humabas upang salubungin si David, at upang salubungin ang mga tawong nasa kaniya; at ng lumapit si David sa bayan, siya'y bumati sa kanila. **22** Ng magkagayo'y sumagot ang mga masamang tawo, at mga tawo ng Belial, sa mga yumaong karama ni David, at nagsabing: Sapagka't hindi sila yumaong kasama namin, hindi namin bibigyan sila ng samsam na aming nabawi, liban sa bawat lalaki ay ang kaniyang asawa at ang kaniyang mga anak, upang kanilang dalhin, at yumaon. **23** Ng magkagayo'y sinabi ni David: Huang sinuyong gagawing gayon, mga kapatid ko, sa ibinigay sa ating ng PANUNOON, na siyang nag-adya sa atin, at nagbigay ng pulutong na napatito laban, sa atin sa ating kamay. **24** At sino ang delinog sa inyo sa buay

na ito? sapagka't ayon sa bahagi na nabahagi sa pakikipagbaka, gayon ang bahagi na naiwan sa daladalahan: sila'y magkakabahaging magkapareho. **25** At nagkagayon, na mula sa araw na yaon, na siya'y gumawa ng isang palatuntunan at ayos sa Israel, hangang sa araw na ito.

**26** At ng dumating si David sa Ziklag, siya'y nagpadala ng mga samsam sa mga matanda sa Juda, sa makatuid bagay sa kaniyang mga kaibigan, na sinabing: Narito ang isang kaloob sa inyo na mula sa samsam sa mga kaaway ng PANUNOON; **27** sa kanila na nasa Bet-el, at sa kanila na nasa Ramot ng Timugan, at sa kanila na nasa Jafir; **28** at sa kanila na nasa Arcer, at sa kanila na nasa Sifmot, at sa kanila na nasa Estemoa; **29** at sa kanila na nasa Rakal, at sa kanila na nasa mga ciudad ng mga Jerameelita, at sa kanila na nasa mga ciudad ng mga Keneo; **30** at sa kanila na nasa Horma, at sa kanila na nasa Korasan, at sa kanila na nasa Atak; **31** at sa kanila na nasa Helbron, at sa lahat na mga lugar na karaniwang pinaroroonan ni David at ng kaniyang mga lalaki:

**31** Ang mga Filisteo nga ay bumaka laban sa Israel; at ang mga lalaki sa Israel ay tumakas sa harap ng mga Filisteo, at mga nabual na patay sa bundok ng Gilboa. **2** At hinabol na maliksi ng mga Filisteo si Saul at ang kaniyang mga anak at pinatay ng mga Filisteo si Jonatan, at si Abinadab, at si Malki-sua, na mga anak ni Saul. **3** At ang pagbabaka ay lumalala na higit laban kay Saul, at inabutan siya ng mga mamamana; at siya'y totoong nagipit dahil sa mga mamamana. **4** Ng magkagayo'y sinabi ni Saul sa kaniyang taga dala ng sakbat: Banutin mo ang iyong tabak at iyo akong palagpasan noon; baka dumating ang mga hindi tulong ito at ako'y palagpasan, at ako'y kanilang hiyain. Ngunit hindi inibig ng kaniyang taga dala ng sakbat; sapagka't siya'y totoong natakot. Kaya't kinuha ni Saul ang kaniyang tabak, at nagpakabul. **5** At nang makita ng kaniyang taga dala ng sakbat na si Saul ay patay, siya naman ay nagpakabul sa kaniyang tabak, at nagpakamatay sa karama niya. **6** Gayon namatay si Saul at ang kaniyang tatlong anak, at ang kaniyang taga dala ng sakbat, at lahat niyang mga lalaki ng araw na yaon na magkakasama. **7** At ng makita ng mga tawo sa Israel na nasa



kabilang dako ng libis, at ng mga nasa dako roon ng Jordan, na ang mga lalaki sa Israel ay tumatakas, at si Saul at ang kaniyang mga anak ay namatay, kanilang iniwan ang mga ciudad, at tumakas; at naparoon ang mga Filisteo, at tumahan sa mga yaon.

8 At nangyari ng kinaumagahan, ng ang mga Filisteo ay dumating upang hubaran ang mga patay, na kanilang nasumpungan si Saul at ang kaniyang tatlong anak na nabual sa bundok ng Gilboa.

9 At kanilang pinugot ang kaniyang ulo at hinubad ang kaniyang mga sabbat, at ipinadala sa lupain ng mga Filisteo sa palibot upang ihayag sa mga bahay ng

kanilang mga idolo at sa bayan. 10 At kanilang inilagay ang kaniyang sandata sa bahay ng Astarot: at kanilang ipinako ang katawan niya sa kuta ng Bet-san. 11 At ng marinig ng mga tumatahan sa Jabes-gilead ang tungkol sa ginawa ng mga Filisteo kay Saul, 12 lahat ng matapang na lalaki ay nagbangon at nag-silakad sa boong gabi, at kinuha ang katawan ni Saul at ang mga katawan ng kaniyang mga anak sa kuta ng Bet-san; at sila'y naparoon sa Jabes, at kanilang mga sinunog doon. 13 At kanilang kinuha ang kanilang mga buto at ibinain sa ilalim ng isang puno ng sampalok sa Jabes, at nag-ayuno silang pitong araw.

## ANG

## IKALAWANG LIBRO NI SAMUEL.

1 At nangyari, pagkamatay ni Saul, ng si David ay magbalik na mula sa pagpatay sa mga Amalecita, si David ay tumahan na dalawang araw sa Ziklag; 2 at nangyari, ng ikatlong araw, na narito, ang isang lalaki ay lumalabas na mula sa kampamento kay Saul na may hapak ang kaniyang suot, at may lupa ang kaniyang ulo: at nagkagayon, ng siya'y dumating kay David, ay siya'y nagpatirapa at gumalang. 3 At sinabi ni David sa kaniyang: ¿Saan ka nauling? at kaniyang sinabi sa kaniyang: Sa kampamento ng Israel ako'y tumakas. 4 At sinabi ni David sa kaniyang: ¿Ano ang nangyari? Isinasamo ko sa iyo na iyong saysayin sa akin. At siya'y sumagot: Ang bayan ay tumakas sa pakikipagbata, at karamihan sa bayan naman ay nabual at namatay; at si Saul at si Jonatan na kaniyang anak ay namatay rin. 5 At sinabi ni David sa binata na nagsaysay sa kaniyang: ¿Paanong nalalaman mo na si Saul at si Jonatan na kaniyang anak ay patay? 6 At ang binatang nagsaysay sa kaniya ay nagsabing: Sa isang pagkakatoan ay napasa bundok ako ng Gilboa, narito, si Saul ay nakahilig sa kaniyang sibat; at, narito, ang mga karro at ang mga mangangabayo ay hinahabol siyang mainam. 7 At ng siya'y lumingon, kaniyang nakita ako, at tinawag niya ako. At ako'y sumagot:

Narito ako. 8 At sinabi niya sa aking: ¿Sino ka? At ako'y sumagot sa kaniyang: Ako'y Amalecita. 9 At kaniyang sinabi sa aking: Ikaw ay tumayo, isinasamo ko sa iyo, sa siping ko, at patayin mo ako, sapagka't ang kadalambahatian ay sumuakin; sapagka't ang aking buhay ay buo pa sa akin. 10 Sa gayo'y ako'y tumayo sa siping niya, at aking pinatay siya, sapagka't talastas ko, na siya'y hindi mabubuhay pagkatapos na siya'y nabual: at aking kinuha ang korona na nasa kaniyang ulo, at ang pulsera na nasa kaniyang kamay, at aking mga dinala dito sa aking panginoon. 11 Ng makagayo'y tinangnan ni David ang kaniyang suot at mga himapak; at gayon din ang lahat na mga lalaki na nasa kaniya: 12 at sila'y tumangis, at umiyak, at nag-ayuno hangang sa paglubog ng araw, dahil kay Saul, at dahil kay Jonatan na kaniyang anak, at dahil sa bayan ng PANGINOON, at dahil sa bahay ng Israel; sapagka't sila'y nabual sa pamamag-itan ng tabak. 13 At sinabi ni David sa binata na nagsaysay sa kaniyang: ¿Taga saan ka? At siya'y sumagot: Ako'y anak ng isang taga ibang lupa, na Amalecita. 14 At sinabi ni David sa kaniyang: ¿Bakit hindi ka natakot na iunat mo ang iyong kamay upang ibual ang pinahiran ng PANGINOON? 15 At tinawag ni David ang isa

sa mga bataaa, at sinabing: Lunapit ka, at ibual mo siya. At kaniyang sinugatan siya, na ano pa't namatay. **16** At sinabi ni David sa kaniyang: Ang iyong dugo ay suma iyong ulo; sapagka't ang iyong hibig ang sumaksi laban sa iyo, na nagsabing: Aking pinatay ang pinahiran ng PANGINOON.

**17** At tinaghayan ni David ng ganitong taghoy si Saul at si Jonatan na kaniyang anak: **18** at kaniyang ipinaturo sa mga bata sa Juda ang *awit sa bosog*: narito, nasusulat sa libro ng *Jasar*.

**19** | Ang iyong kalualhatian Oh Israel, ay napatay sa iyong mga matataas na lugar!

| Paanong nabual ang mga makapangyarihan!

**20** Huag ninyong saysayin sa Gat, Huag ninyong ihayag sa mga lausangan ng Askelon;

Baka ang mga anak na babaye ng mga Filisteo ay magalak,

Baka ang mga anak na babaye na mga hindi tuli ay magtagumpay.

**21** Kayong mga bundok ng Gilboa, Huag magkaroon ng hamog o ulan man sa inyo, kahi't mga bukid na mga handog:

Sapagka't diyan ang kalasag ng makapangyarihan ay nahagis ng walang kabuluhan,

Ang kalasag ni Saul, na *parang* hindi pinahiran ng langis.

**22** Sa dugo ng pinatay, sa tabak ng makapangyarihan,

Ang bosog ni Jonatan ay hindi umirong,

At ang tabak ni Saul ay hindi nagbalik na walang dala.

**23** Si Saul at si Jonatan ay nagpakamabigin at nagpakasaya sa kanilang mga buhay,

At sa kanilang kamatayan sila'y hindi binahagi;

Sila'y mga maliksi kay sa mga agula, Sila'y mga malakas kay sa mga leon.

**24** Kayong mga anak ng Israel, ay mag-siyak kay Saul,

Na siyang nagbibikis sa inyo ng pula ng boong ayos,

Na siyang naggagayak ng ginto sa inyong mga kasuotan.

**25** | Paanong nabual ang makapangyarihan sa gitna ng paglabaka!

Si Jonatan ay napatay sa iyong matataas na mga lugar.

**26** Ako'y namanlaw dahil sa iyo, kapatid kong Jonatan:

Naging totoong masaya ka sa akin:

Ang iyong pagsinta sa akin ay kamanghamangha,

Na lumalagpas sa pagsinta ng mga babaye.

**27** Paanong nabual ang makapangyarihan,

At nalipol ang mga saklat na pangbaka!

**2** At nangyari, pagkatapos nito, na nag-usisa si David sa PANGINOON, na nagsabing: | Sasampa ba ako sa alin man sa mga ciudad ng Juda? At sinabi ng PANGINOON sa kaniyang: Sumampa ka. At sinabi ni David: | Saan ako sasampa? At kaniyang sinabing: Sa Hebron. **2** Sa gayo'y sumampa si David doon, at ang kaniyang dalawang asawa naman, si Ahinoam na taga Jezreel, at si Abigail na asawa ni Nabal, na taga Carmel. **3** At ang kaniyang mga lalaki na nasa kaniya ay pinasampa ni David bawat lalaki na kasama ang kaniyang kasambahay: at sila'y tumahan sa mga ciudad ng Hebron. **4** At naparoon ang mga lalaki ng Juda, at kanilang pinalahiran ng langis doon si David *upang maging hari* sa bahay ng Juda.

At kanilang isinaysay kay David, na sinabing: Ang mga lalaki sa Jabes-gilead ay siyang naglibing kay Saul. **5** At nagsugo ng mga sugo si David sa mga lalaki sa Jabes-gilead, at sinabi sa kanilang: Pagpalain kayo ng PANGINOON, na kayo'y nagpakita ng kagandahang-loob na ito sa inyong panginoon, kay Saul, at inyong inilibing siya. **6** At ngayo'y pagpakitaan ng kagandahang-loob at katotohanan kayo ng PANGINOON: at ako naman ay gaganti sa inyo nitong kagandahang-loob, sapagka't inyong ginawa ang bagay na ito. **7** Ngayon nga, lumakas ang inyong mga kamay, at kayo'y maging matapang: sapagka't namatay si Saul na inyong panginoon, at pinahiran ng langis naman ako sa bahay ng Juda *upang maging hari* sa kanila.

**8** Kinuha nga ni Abner na anak ni Ner na puno sa hukbo ni Saul, si Is-boset na anak ni Saul, at inilipat sa Mahanaim; **9** at kaniyang ginawa siya na hari sa Gilead, at sa mga Asurco, at sa Jezreel, at sa Efraim, at sa Benjamin, at sa boong Israel. **10** (Si Is-boset na anak ni Saul ay may apat na puong taon ng siya'y magsimulang maghari sa Israel, at siya'y

naghari na dalawang taon.) Nguni't ang bahay ng Juda ay sumunod kay David. **11** At ang pavaahon na ipinaghari ni David sa Hebron sa bahay ng Juda ay pitong taon at anim na buan.

**12** At si Abner na anak ni Ner, at ang mga lingkod ni Is-boset na anak ni Saul, ay napasa Gibeon mula sa Mahanaim.

**13** At si Joab na anak ni Zeruya, at ang mga lingkod ni David lumabas, at sinalubong sila sa siping ng lawa sa Gibeon; at sila'y naupo, na ang isa'y sa isang dako ng lawa, at ang isa'y sa kabilang dako ng lawa. **14** At sinabi ni Abner kay Joab: Isinasamo ko sa iyo na magbangon ang mga bataan at maglaro ng tabak sa harap natin. At sinabi ni Joab: Magbangon sila. **15** Ng magkagayo'y sila'y nagbangon at tumawid ayon sa bilang; labing dalawa sa Benjamin, at sa ganang kay Is-boset na anak ni Saul, at labing dalawa sa mga lingkod ni David. **16** At hinawakan ng bawa't isa sa kanila ang kaniyang kaaway sa ulo, at isinaksak ang kaniyang tabak sa tagiliran ng kaniyang kaaway; sa gayo'y sila'y nabual na magkakasama: kaya't ang lugar na yaon ay tinatawag na Helkat-hazurim na nasa Gibeon. **17** At ang pagbabaka ay lumala na mainam ng araw na yaon; at si Abner ay naidaig, at ang mga lalaki ng Israel sa harap ng mga lingkod ni David. **18** At nandoon ang tatlong anak ni Zeruya, si Joab, at si Abisai, at si Asael: at si Asael ay matulin sa paa na parang mabangis na usa.

**19** At hinabol ni Asael si Abner; at sa pagyaon, siya'y hindi humiwalay sa kanan o sa kaliwa man sa paghabol kay Abner. **20** Ng magkagayo'y nilingon ni Abner, at sinabing: ¿Ikaw ba'y si Asael? At siya'y sumagot: Ako nga. **21** At sinabi ni Abner sa kaniyang: Lumiko ka sa iyong kanan o sa iyong kaliwa, at iyong tangnan ang isa sa mga bataan, at kunin mo ang kaniyang sakbat. Nguni't hindi inibig ni Asael na humiwalay sa paghabol sa kaniya. **22** At sinabi uli ni Abner kay Asael: Humiwalay ka sa paghabol sa akin: ¿Bakit kita'y susugatan sa lupa? ¿Paanong aking maitataas nga ang aking mukha kay Joab na iyong kapatid? **23** Gayon ma'y siya'y tumangi na humiwalay: kaya't sinugatan siya ng dulo ng sibat ni Abner sa tiyan, na ano pa't ang sibat ay lumabas sa likod niya; at siya'y nabual doon, at namatay sa lugar ding yaon: at nangyari, na lihat na napanoon sa lugar na kinabualan ni Asael at kina-

matayan, ay tumigil. **24** Nguni't hinabol ni Joab at ni Abisai si Abner: at ang araw ay nakalubog na ng sila'y dumating sa burol ng Ama, na nasa harap ng Giah sa siping ng daan sa ilang ng Gibeon.

**25** At ang mga anak ng Benjamin ay nagpipisan sa likuran ni Abner, at nag-isang kawal, at tumayo sa taluktok ng isang burol. **26** Ng magkagayo'y tinawag ni Abner si Joab, at nagsabing: ¿Lalamon ba ang tabak magpakailan man? ¿Hindi mo ba nalalaman na magkakaroon ng kapaitan sa katapusan? ¿Hangang kailan nga iyong pabaliklin ang bayan na mula sa paghabol sa kanilang mga kapatid? **27** At sinabi ni Joab: Buhay ang Dios, kung hindi mo sinalita ay tunay nga na umalis ang bayan sa kinaumagahan, at hindi hinabol ng bawa't isa ang kaniyang kapatid. **28** Sa gayo'y hinipan ni Joab ang pakakak at ang boong bayan ay tumigil, at hindi na hinabol ang Israel, o sila man ay bumaka pa. **29** At si Abner at ang kaniyang mga lalaki ay yumaon boong gabi sa Araba; at sila'y nagdaan ng Jordan, at yumaon sa boong Bitron, at dumating sa Mahanaim. **30** At nagbalik si Joab na humiwalay ng paghabol kay Abner: at ng kaniyang mapisan ang boong bayan, nawala sa mga lingkod ni David ay labing siam na lalaki at si Asael. **31** Nguni't sinugatan ng mga lingkod ni David ang Benjamin, at ang mga lalaki ni Abner, na ano pa't namatay ay tatlong daan at anim na puong lalaki. **32** At kanilang isinampa si Asael, at inililing nila siya sa libingan ng kaniyang ama, na nasa Bet-lehem. At si Joab at ang kaniyang mga lalaki ay yumaon boong gabi; at inumaga sila sa Hebron.

**3** Nagkaroon nga ng mahabang pagbabaka ang bahay ni Saul at ang bahay ni David: at si David ay lumalakas ng lumalakas, nguni't ang bahay ni Saul ay humihina ng humihina.

**2** At nagkaanak si David sa Hebron: at ang kaniyang pang anay ay si Amnon kay Ahinoam na taga Jezrael. **3** at ang kaniyang pangalawa si Kileab, kay Abigail na asawa ni Nabal na taga Karmel; at ang ikatlo, si Absalom na anak ni Maaka na anak ni Talmai na hari sa Gesur; **4** at ang ikaapat, si Adonias na anak ni Abital; at ang ikalima, si Sefatias na anak ni Abital; **5** at ang ikaanim, si Itream kay Eglá, na asawa ni David. Ito ang mga ipinanganak kay David sa Hebron.

6 At nangyari, samantalang may pagbabaka ang bahay ni Saul at ang bahay ni David, na si Abner ay nagpakalakas sa bahay ni Saul. 7 Si Saul nga ay may babaye na ang pangalan ay Rizpa, na anak ni Aya; at sinabi ni Is-boset kay Abner: *¿Bakit ikaw ay sumiping sa babaye ng aking ama?* 8 Ng magkagayo'y nagalit na mainam si Abner dahil sa mga salita ni Is-boset, at sinabing: Ako ba'y isang ulo ng aso na nauukol sa Juda? Sa araw na ito ay nagpapakita ako ng kagandahang-loob sa bahay ni Saul na iyong ama, sa kaniyang mga kapatid, at sa kaniyang mga kaibigan, at hindi ibinigay ka sa kamay ni David, at gayon ma'y iyong ibinibintang sa araw na ito sa akin ang isang kasalanan tungkol sa babayong ito. 9 Gawing gayon ng Dios kay Abner, at lalo na, kung paano isinumpa ng PANGINOON kay David, ay hindi ko gagawing gayon sa kaniya; 10 na ilipat ang kabarian mula sa bahay ni Saul, at itatag ang luklukan ni David sa Israel, at sa Juda, mula sa Dan hangang sa Beer-saba. 11 At hindi siya nakasagot kay Abner ng ilang salita, sapagka't siya'y natakot sa kaniya. 12 At si Abner ay nagsugo ng mga sugo kay David, sa ganang kaniya, na sinabing: *¿Kaniho ang lupain? Na sinabi naman: Gawin mo sa akin ang iyong tipan, at, narito ang aking kamay ay sa iyo, upang dalhin sa iyo ang boong Israel.* 13 At kaniyang sinabing: Mabuti; aking gagawin ang tipan sa iyo: ngunit isang bagay ang hinihiling ko sa iyo, na ito nga: huag mong titingnan ang aking mukha, maliban na iyo muling dalhin si Mikal na anak na babaye ni Saul, pagparito mo upang tingnan ang aking mukha. 14 At nagsugo ng mga sugo si David kay Is-boset na anak ni Saul, na sinabing: Isaali mo sa akin ang aking asawa na si Mikal, na siyang aking pinakasalan sa halaga na isang daang busisi ng mga Filisteo. 15 At nagsugo si Is-boset, at kinuha siya sa kaniyang asawa, kay Paltiel na anak ni Laïs. 16 At ang kaniyang asawa'y yumaong kasama niya na umiyak habang siya'y yumaon, at sumunopod sa kaniya hangang sa Bahurim. Ng magkagayo'y sinabi ni Abner sa kaniyang: *Ikaw ay yumaon, maglalik ka: at siya'y naglalik.*

17 At nagkaroon ng pakikiamib si Abner sa mga matanda sa Israel, na sinabing: *Na panahong bukarang inyong hinanap si David upang maging hari sa iyo:*

18 ngayon nga ay inyong gawin: sapagka't sinalita ng PANGINOON tungkol kay David, na sinabing: *Sa pamamagitan ng kamay ng aking lingkod na si David ay aking ihiligta ang aking bayang Israel sa kamay ng mga Filisteo, at sa kamay ng lahat nilang mga kaaway.* 19 At nagsalita naman si Abner sa mga pakinig ng Benjamin: at si Abner naman ay naparoon nagsalita sa mga pakinig ni David sa Hebron ng lahat na inaakalang mabuti sa Israel, at sa boong bahay ng Benjamin. 20 Sa gayo'y naparoon si Abner kay David sa Hebron, at dalawang puong lalaki ang kasama niya. At gumawa si David ng isang kasayaban kay Abner at sa mga lalaki na nasa kaniya. 21 At sinabi ni Abner kay David: *Ako'y babangon at yayaon, at aking pipisanin ang boong Israel sa aking panginoon na hari, upang sila'y gumawa ng isang tipan sa iyo, at upang iyong pagharian ng boong ninanasa ng iyong kaluluha. At pinagpaalam ni David si Abner; at siya'y yumaong payapa.* 22 At, narito, ang mga lingkod ni David at ni Joab ay dumating na mula sa isang paghabol, at nagdadala ng malaking samsam: ngunit si Abner ay wala kay David sa Hebron; sapagka't pinagpaalam niya siya, at siya'y yumaong payapa. 23 Ng si Joab at ang boong hukbo na nasa kaniya ay dumating, kanilang isinaysay kay Joab, na sinabing: *Si Abner na anak ni Ner ay naparoon sa hari, at siya'y pinagpaalam at siya'y yumaong payapa.* 24 Ng magkagayo'y si Joab ay naparoon sa hari, at nagsabing: *¿Ano ang iyong ginawa? Narito, si Abner ay naparito sa iyo; ¿bakit iyong pinagpaalam siya, at siya'y lubos na yumaon?* 25 Kilala mo si Abner na anak ni Ner na siya'y naparito upang dayain ka, at upang malaman ang iyong paglala: at ang iyong pagpasek, at upang malaman ang lahat na iyong ginagawa. 26 At ng lumabas si Joab na mula kay David, siya'y nagsugo ng mga sugo sa likuran ni Abner, at kanilang binalik siya na mula sa balon ng Sira: ngunit hindi nalaman ni Isai. 27 At nang magbalik si Abner sa Hebron, ay dinala siya ni Joab na bukod sa gitna ng pintuang-adaan upang makipagsalihan sa kaniya ng binihi, at siugatan mo siya doon sa tipan, na ano pat siya'y namatay, dahil sa dugo ni Asael na kaniyang kapatid. 28 At ng maringit ni David pagkatapos, kaniyang sinabing:

Ako at ang aking kaharian ay walang sala sa harap ng PANGINOON magpakailan man sa dugo ni Abner na anak ni Ner: 29 mahulog sa ulo ni Joab, at sa boong bahay ng kaniyang ama; at huag na di magkaroon sa bahay ni Joab ng isa na inagasan, o ng isa na may ketong, o ng umaagapay sa isang tungkod, o nabubual sa pamamagitan ng tabak, o ng kinukulang ng tinapay. 30 Sa gayo'y si Joab at si Abisai na kaniyang kapatid ay pinatay si Abner, sapagka't pinatay niya ang kanilang kapatid na si Asael sa Gibeon, sa pagbabaka.

31 At sinabi ni David kay Joab at sa boong bayan na nasa kaniya: Inyong hapakin ang inyong mga suot, at magbigkis kayo ng inagaspang na damit, at magluksa kayo sa harap ni Abner. At ang haring si David ay sumusunod sa kabaong. 32 At kanilang inililing si Abner sa Hebron: at itinaas ng hari ang kaniyang voces, at umiyak sa libigan ni Abner; at ang boong bayan ay umiyak. 33 At tinangisan ng hari si Abner, at nagsabing:

! Marapat na mamatay ba si Abner na gaya ng pagkamatay ng isang mangmang?

34 Ang iyong mga kamay ay hindi natalian, o ang iyong mga paa nan ay nagagapos:

Kung pranong ang isang lalaki na nabubual sa harap ng mga anak ng kasam-an ay gayon nabual ka.

At ang boong bayan ay umiyak uli sa kaniya. 35 At ang boong bayan ay naparoon upang pakaniu ng tinapay si David samantalang araw pa; nguni't sumumpa si David, na nagsabing: Gawing gayon ng Dios sa akin, at lalo na kung ako'y tumikim ng tinapay o ng ano man bagay hangang sa ang araw say lumubog. 36 At nakilala ng boong bayan at minagaling nila: sa paraang ano mang ginagawa ng hari ay nakalulugod sa boong bayan. 37 Sa gayo'y nakilala ng boong bayan at ng boong Israel ng araw na yaon, na hindi sa hari ang pagpatay kay Abner na anak ni Ner. 38 At sinabi ng hari sa kaniyang mga alila: ! Hindi ba ninyo nalalaman na may isang puno at mahal na tawo, na nabual sa araw na ito sa Israel? 39 At ako'y malina sa araw na ito, baga man inihalal na hari; at ang mga lalaking ito na mga anak ni Zeruya ay totoong matigas sa akin; gantihan ng PANGINOON ang mangagawang masama ayon sa kiniyang kasam-an.

4 At ng mariuing ni Is-boset na anak ni Saul na si Abner ay namatay sa Hebron, ang kaniyang nga kamay ay nanghina, at ang lahat na taga Israel ay nabagabag. 2 At si Is-boset, na anak ni Saul, may dalawang lalaki na mga puno sa mga pulutong: ang pangalan ng isa ay Baana, at ang pangalan ng isa ay Rekab, na mga anak ni Rimon na Beerotita sa mga anak ng Benjamin: (sapagka't ang Beerot naman ay ibinilang sa Benjamin: 3 at ang mga Beerotita ay tumakas sa Gitaim, at nangibangbayan doon hangang sa araw na ito.)

4 Si Jonatan nga na anak ni Saul, may i-ang anak na pilay sa kaniyang paa. Siya'y may limang taon ng dumating ang balita tungkol kay Saul at kay Jonatan na mula sa Jezreel, at kinalong siya ng kaniyang yaya at tumakas: at nangyari, hangang siya'y nagmamadali ng pagtakas, na siya'y nabual, at naging pilay. At ang kaniyang pangalan ay Mefiboset.

5 At ang mga anak ni Rimou na Beerotita, ay si Rekab at si Baana, yumaon at naparoon ng may kainitan ang araw sa bahay ni Is-boset, na doon siya nagpalinga sa katanghaliang tapat. 6 At sila'y pumasok doon sa gitna ng bahay, sa paraang sila'y may dalang trigo; at kanilang sinugatan siya sa tiyan: at si Rekab at si Baana na kaniyang kapatid ay nagtaanan. 7 Ng sila nga'y pumasok sa bahay habang siya'y nahihiga sa kaniyang hihigan sa kaniyang silid, kanilang sinugatan siya, at pinatay siya, at pinugutan ng ulo siya, at dinala ang kaniyang ulo at nagpatuloy ng lakad sa Araba boong gabi. 8 At kanilang dinala ang ulo ni Is-boset kay David sa Hebron, at sinabi nila sa haring: Narito, ang ulo ni Is-boset na anak ni Saul na iyong kaaway na umuusig ng iyong bubay; at iginanti ng PANGINOON ang aking panginoon ng araw na ito kay Saul, at sa kaniyang binhi. 9 At sinagot ni David si Rekab at si Baana na kaniyang kapatid na mga anak ni Rimon na Beerotita, at sinabi sa kanilang: Buhay ang PANGINOON na siyang tumubos ng aking kaluluha sa boong kapighatian, 10 ng saysayin sa akin ng isa, na sabihing: Narito, si Saul ay namatay, na inakala niyang nagdala siya ng mabuting balita, ay aking hinawakan siya at pinatay ko siya sa Ziklag na siyang kagantihang ibinigay ko sa kaniya dahil sa kaniyang balita. 11 ! Gaano pa kaya kung pinatay ng masasamang lalaki ang

isang banal na tawo sa kanilang sariling bahay, sa kaniyang hihigan? ¿hindi ko ba sisiyasatin ngayon ang kaniyang dugo sa inyong kamay, at alisin kayo sa lupa?

**12** At inintos ni David sa kaniyang mga bataan, at pinatay nila sila, at pinutol ang kanilang mga kamay at ang kanilang mga paa, at mga ibinitin sa tabi ng lawa sa Hebron. Ngunit kanilang kinuha ang ulo ni Is-boset, at inilibing sa libingan ni Abner sa Hebron.

**5** Ng magkagayo'y naparoon ang lahat ng angkau ng Israel kay David sa Hebron, at nagsalita, na nagsabing: Narito, kami ay iyong buto at iyong laman.

**2** Sa panahong nakaraan ng si Saul ay hari sa amin, ay ikaw ang pumapatrubay at nagpapasok sa Israel: at sinabi ng PANGINOON sa iyo: Ikaw ay magpapakain sa aking bayang Israel, at ikaw ay magiging pangulo sa Israel. **3** Sa gayo'y naparoon ang lahat ng matanda sa Israel sa hari sa Hebron; at ang laring si David ay gumawa ng isang tipan sa kanila sa Hebron sa harap ng PANGINOON: at kanilang pinahiran si David upang maging hari sa Israel.

**4** Si David ay may tatlong puong taon ng siya'y magpasimulang maghari, at siya'y naghari apat na puong taon.

**5** Sa Hebron ay naghari siya sa Juda na pitong taon at anim na buan: at sa Jerusalem ay naghari siya na tatlong puo at tatlong taon sa boong Israel at Juda.

**6** At ang hari at ang kaniyang mga lalaki ay naparoon sa Jerusalem laban sa mga Jebuseo na mga tumatahan sa lupain: na nagsalita kay David, na nagsabing: Maliban na iyong alisin ang bulag at ang pilay, hindi ka papasok dito: na iniisip, na si David ay hindi makapapasok dito.

**7** Gayon ma'y sinakop ni David ang kuta sa Zion; na siyang ciudad ni David.

**8** At sinabi ni David ng araw na yaon: Sino mang sumagat sa mga Jebuseo, pasalungahin sa agos ng tubig, at sugatan ang pilay at ang bulag, na napopoot sa kaluluha ni David. Sa paraan kanilang sinasabing: Mayroon bulag at pilay; hindi siya makapapasok sa bahay. **9** At tumahan si David sa katibayan at tinawag na ciudad ni David. At natatag si David sa palibot mula sa Milo, at sa loob. **10** At si David ay lumalaki ng lumalaki; sapagka't ang PANGINOON na Dios ng mga hukbo, ay sumasa kaniya.

**11** At si Hiram na hari sa Tiro ay nagsugo ng mga sugo kay David, at may

mga puno ng cedro, at mga anloagi, at mangagawa sa bato: at kanilang ipinagtayo si David ng isang bahay. **12** At nakilala ni David, na itinalaga ng PANGINOON siya na hari sa Israel, at kaniyang itinaas ang kaniyang kaharian dahil sa kaniyang bayang Israel.

**13** At kumuha pa si David ng mga babaye at mga asawa sa Jerusalem, pangagaling niya sa Hebron: at may mga ipinanganak pa na lalaki at babaye kay David. **14** At ito ang mga pangalan niya ng mga ipinanganak sa kaniya sa Jerusalem; si Samua, at si Sobab, at si Natan, at si Solomon, **15** at si Iba, at si Elisua; at si Nefeg, at si Jafia; **16** at si Elisama, at si Eliada, at si Elifelet.

**17** At ng marinig ng mga Filisteo na kanilang inihalal si David na hari sa Israel, ang lahat ng mga Filisteo ay sumampa upang usigin si David; at marinig ni David, at bumaba sa katibayan.

**18** Ang mga Filisteo nga ay dumating at kumalat sa libis ng Refaim. **19** At nag-usisa si David sa PANGINOON, na nagsabing: ¿Sasumpa ba ako laban sa mga Filisteo? ¿Ibibigay mo ba sila sa aking kamay? At sinabi ng PANGINOON kay David: Ikaw ay sumampa: sapagka't tunay na aking ibibigay ang mga Filisteo sa iyong kamay. **20** At naparoon si David sa Baal-perazim, at mga sinugatan ni David doon; at kaniyang sinabing: Giniba ng PANGINOON ang aking mga kaaway sa harap ko, na parang buga ng tubig. Kaya't kaniyang tinawag ang pangalan ng lugar na yaon na Baal-perazim. **21** At kanilang inuwan ang kanilang mga larawan doon, at mga inalis ni David at ng kaniyang mga lalaki.

**22** At sumampa pa uli ang mga Filisteo, at kumalat sa libis ng Refaim. **23** At ng usisa ni David sa PANGINOON, kaniyang sinabing: Hung kang sasumpa: biligid ka sa likuran nito, at ikaw ay sasagupa sa kanila sa mga pano ng morales. **24** At mangyayari, pagka iyong marinig ang hugong ng lakad sa mga dulo ng mga puno ng morales, na ikaw nga ay magna-madali: sapagka't lumabas na ang PANGINOON sa harap mo upang sugatan ang hukbo ng mga Filisteo. **25** At ginawang gayon ni David, gaya ng inintos ng PANGINOON sa kaniya; at sinugatan niya ang mga Filisteo mula sa Geba hangang sa dumating sa Gezer.

**6** At pinisan uli ni David ang lahat na piling lalaki sa Israel, na tatlong

puong libo. **2** At nagbangon si David at yumaon na kasama ng boong bayan na nasa kaniya, mula sa Baale Juda, upang isampa mula doon ang kaban ng Dios, na tinatawag sa Pangalan, ang pangalan ng PANGINOON ng mga hukbo, na tumatahan sa gitna ng mga kerubin. **3** At kanilang inilagay ang kaban ng Dios sa isang bagong karro, at kanilang inilabas sa bahay ni Abinadab na nasa burol: at si Uzza at si Ahio, na mga anak ni Abinadab, ay siyang nagpapatkbo ng bagong karro. **4** At kanilang inilabas sa bahay ni Abinadab, na nasa burol, sampuo ng kaban ng dios: at si Ahio ay nagpapauna sa kaban. **5** At si David at ang boong bahay ng Israel ay tumutugtog sa harap ng PANGINOON ng sarisaring instrumento na kahoy na abeto, at ng mga alpa, at ng mga salterio, at ng mga pandereta, at ng mga kastaneta, at ng mga cimballo. **6** At ng sila'y dumating sa giikan ni Nakon, iniunat ni Uzza ang kaniyang kamay sa kaban ng Dios, at hinawakan; sapagka't ang mga baka ay nangatisod. **7** At ang galit ng PANGINOON ay nag-alab laban kay Uzza; at sinugatan siya ng Dios doon dahil sa kaniyang kamalian; at doo'y siya'y namatay sa siping ng kaban ng Dios. **8** At hindi minagaling ni David, sapagka't nagalit ang PANGINOON kay Uzza: at kaniyang tinawag ang lugar na yaon na Perez-uzza hangang sa araw na ito. **9** At natakot si David sa PANGINOON ng araw na yaon; at kaniyang sinabing: Paanong makaparirito ang kaban ng PANGINOON sa akin? **10** Sa gayo'y hindi binago ni David ang kaban ng PANGINOON sa kaniya sa ciudad ni David; kungdi dinala ni David sa loob ng bahay ni Obed-edom na Giteo. **11** At ang kaban ng PANGINOON ay dumoon sa bahay ni Obed-edom na Giteo na tatlong buan: at pinagpala ng PANGINOON si Obed-edom, at ang kaniyang boong bahay. **12** At nasaysay sa haring kay David, na nasabing: Pinagpala ng PANGINOON ang bahay ni Obed-edom, at ang lahat na naukol sa kaniya, dahil sa kaban ng Dios. At yumaon si David at isinampa ang kaban ng Dios nula sa bahay ni Obed-edom hangang sa ciudad ni David, na may kagalakan. **13** At nagkagayon na, ng yaong mga nagdadala ng kaban ng PANGINOON ay makalakad ng anim na hakbang, siya'y naghayin ng isang baka at isang pinataba. **14** At dagsayaw si David sa harap ng PANGINOON ng kaniyang boong lakas; at si David ay nabi-

bigkisan ng isang efod na kayong puti. **15** Sa gayo'y si David at ang boong bahay ng Israel ay isinampa ang kaban ng PANGINOON, na may hiyawan, at may tunog ng pakakak. **16** At nagkagayon, sa pagpapasok ng kaban ng PANGINOON sa ciudad ni David, na si Mikal na anak ni Saul ay tumitingin sa dungawan, at nakita na ang haring si David ay lumuluko at sumasayaw sa harap ng PANGINOON; at kaniyang niwalan ng kabuluhan sa kaniyang puso. **17** At kanilang ipinasok ang kaban ng PANGINOON, at inilagay sa kaniyang lugar, sa gitna ng dampa na itinayo ni David: at naghandog si David ng mga handog na susunugin at mga handog tungkol sa kapayapaan sa harap ng PANGINOON. **18** At ng makatapos si David na maghandog ng mga handog na susunugin at ng mga handog tungkol sa kapayapaan, kaniyang binasbasan ang bayan sa pangalan ng PANGINOON ng mga kukbo. **19** At kaniyang binahagi sa boong bayan, sa boong karamihan ng Israel, sa mga lalaki at gayon din sa mga babaye, sa baw't isa ay isang mamong tinapay, at isang bahaging laman, at isang buig na pasas. Sa gayo'y ang boong bayan ay yumaon baw't, isa sa kaniyang bahay. **20** Ng magkagayo'y nagbalik si David upang basbasan ang kaniyang kasambahay. At si Mikal na anak ni Saul ay lumabas na sinalubong si David, at sinabing: Pagka lualhati ngayon ng hari sa Israel, na siyang, naghuhubad ngayon sa mga mata ng mga babayeng alipin ng kaniyang mga alipin, na parang naghuhubad na kahiyahiya ang isang walang kabuluhang kasama. **21** At sinabi ni David kay Mikal: *Yao'y sa harap ng PANGINOON*, na siyang pumili sa akin na higit sa iyong ama, at sa boong bahay niya, upang ihalal ako na pangulo sa bayan ng PANGINOON, sa Israel: kaya't ako'y maglalaro sa harap ng PANGINOON. **22** At ako'y magpapakawalang kabuluhan pa kay sa yaon, at ako'y magpapakababa sa aking sariling paningin: nguni't sa mga babayeng alipin na iyong sinalita, ay ako'y mararangalan. At si Mikal na anak ni Saul ay hindi nagkaanak hangang sa araw ng kaniyang kamatayan.

**7** At nangyari, ng ang hari ay tumatahan sa kaniyang bahay, at binigyan siya ng PANGINOON ng kapahingahan sa lahat niyang mga kaaway sa palibot, **2** na sinabi ng hari kay Natan na profeta: Tingnan mo ngayon, ako'y tumatahan sa isang bahay na cedro, nguni't ang kaban

nā Dios ay tumatatan sa loob nā mga tabing. **3** At sinabi ni Natan sa hari; Ihaw ay yumaon, gawin mo ang lahat na nasa iyong puso; sapagka't ang PANGINOON ay suma sa iyo. **4** At nagyari, ng gabi ring yaon, na ang salita nā PANGINOON ay dumating kay Natan na nagsabing: **5** Ikaw ay yumaon at iyong saysayin sa aking aliping kay David: Ganito ang sabi nā PANGINOON: ¿Ipagtatayo mo ba ako nā isang bahay na matatahanan? **6** Sapagka't hindi ako tumahan sa isang bahay mula nā araw na aking isampa ang mga anak nā Israel mula sa Egipto, hangang sa araw na ito, kungli ako'y lumakad sa dampa at sa tabernakulo. **7** Sa lahat nā lugar na aking nilakaran na kasama nā lahat nā anak nā Israel; ¿nag-salita ba ako nā isang salita sa isa sa mga angkan nā Israel na aking inutusan na pakanin ang aking bayang Israel, na nag-abing: ¿Bakit hindi niyo ipinagtayo ako nā isang bahay na cedro? **8** Ngayon nga'y ganito ang iyong sasabihin sa aking aliping si David: Ganito ang sabi nā PANGINOON ng mga hukbo: Kinuha kita mula sa pag-aalaga nā tupa, sa pagsunod sa tupa, upang ikaw ay maging pangulo sa aking bayan, sa Israel: **9** at ako'y suma iyo saan ka man napareon, at aking inihwalay ang lahat nā iyong mga kaaway sa harap mo; at gagawin kitang isang dakilang pangalan, gaya nā pangalan nā mga dakila na nasa lupa. **10** At aking lalagyan nā isang lugar ang aking bayan na Israel, at aking mga itatag sila, upang sila'y tumahan sa kanilang sariling lugar, at luag nā nabago pa; o pipighatiin pa man sila nā mga anak nā kasam-an, gaya nā una, **11** at gaya nā araw na aking lalalan nā mga hukom ang aking bayang Israel; at aking papagpapahingahin kita sa lahat nā iyong mga kaaway. Bukod sa rito ay isinasaysay sa iyo nā PANGINOON na igagawa ka nā PANGINOON ng isang bahay. **12** Pagka ang iyong mga araw ay naganap, at ikaw ay matutulog na kasama nā iyong mga magulang, aking ititindig ang iyong lahi pagkatapos mo, na magmumula sa iyong tiyan, at aking itatag ang kaniyang kaharian. **13** Kaniyang ipagtatayo nā bahay ang aking pangalan, at aking itatag ang luklukan nā kaniyang kaharian magpakailan man. **14** Ako'y magiging kaniyang ama, at siya'y magiging aking anak: kung siya'y magkanit nā ka-an-an, a-

king sasawayin siya nā tungkod nā mga lalaki, at nā panalo nā mga anak nā mga tawo; **15** ngunit ang aking pagkaawa ay lindi liliwalay sa kaniya, gaya nā aking pagkaalis kay Saul, na aking inalis sa harap mo. **16** At ang iyong bahay at ang iyong kaharian ay malalagi magpakailan man sa harap mo; ang iyong luklukan ay matatag magpakailan man. **17** Ayon sa lahat nā mga salitang ito, at ayon sa boong malikmatang ito, ay gayon sinalita ni Natan kay David.

**18** Nā magkagayo'y ang haring si David ay pumasok, at umupo sa harap nā PANGINOON: at kaniyang sinabing: ¿Sino ako, oh Panginoong Dios at ano ang aking bahay na ako'y iyong dinala sa ganiyang kalayo? **19** At ito'y munting bagay pa sa iyong mga mata, oh Panginoong Dios; ngunit ikaw ay nagsalita naman nā sa bahay nā iyong lingkod nā hangang sa malaang panahong darating; ¿at ito ay ayon sa paraan nā tawa, Oh Panginoong Dios! **20** ¿At ano pa ang masasabi ni David sa iyo? sapagka't iyong kilala ang iyong lingkod, Oh Panginoong Dios. **21** Dahil sa iyong salita at ayon sa iyong sariling puso, iyong ginawa ang boong kadakilaang ito, upang iyong ipakilala sa iyong alipin. **22** Kaya't ikaw ay dakila, Oh PANGINOONG Dios: sapagka't walang gaya mo, o may ibang Dios pa bukod sa iyo ayon sa lahat na auring naririnig nā aming mga pakinig. **23** ¿At anong nasyon sa lupa ang gaya nā iyong bayan, gaya nā Israel, na tinubos nā Dios sa kaniyang sarili na pinakabayan, at upang gawin niya sa kaniyang isang pangalan, at upang igawa kayo nā mga dakilang bagay, at nā mga kakilakilabot na mga bagay ang iyong lupa, sa harap nā iyong bayan na iyong tinubos sa iyo mula sa Egipto, mula sa mga nasyon at sa kanilang mga dios? **24** At iyong itinatag sa iyong sarili, na iyong bayang Israel upang maging bayan sa iyo magpakailan man; at ikaw, PANGINOON, naging kanilang Dios. **25** At ngayon Oh PANGINOONG Dios ang salita na iyong sinalita tungkol sa iyong lingkod, at tungkol sa kaniyang bahay, iyong pagtibayin magpakailan man, at iyong gawin gaya nā iyong sinalita. **26** At palakhim mo ang iyong pangalan magpakailan man, sa pagsasabing: Ang PANGINOON nā mga hukbo ay Dios sa Israel: at ang bahay nā iyong lingkod na si David ay matatag sa harap mo. **27** Sapagka't ikaw Oh PA-



NGINOON ng mga hukbo, na Dios ng Israel ay napakita ka sa iyon lingkod na iyong sinabing: Aking ipagtatayo kita ng isang bahay: kaya't nasumpungan ng iyong lingkod sa kaniyang puso na idalangin ang panalangin ito sa iyo. **28** At ngayon, Oh Panginoong DIOS, ikaw ay Dios, at ang iyong mga salita ay katotohanan, at iyong ipinangako ang mabuting bagay na ito sa iyong lingkod: **29** ngayon nga'y kalugdan mong pagpalain ang bahay ng iyong lingkod, upang matalagi kailan man sa harap mo: sapagka't ikaw, Oh Panginoong Dios ay nag-salita: at sa pamamagitan ng iyong pagpapala ay magiging mapalad ang bahay ng iyong lingkod magpakailan man.

**8** At pagkatapos nito ay nangyari na sinugatan ni David ang mga Filisteo at mga pinasuko: at kinuha ni David ang Meteg-ammah sa kamay ng mga Filisteo. **2** At kaniyang sinugatan ang Moab, at sinukat niya sila ng tali, na pinahiga sila sa lupa; at kaniyang sinukat ng dalawang tali upang patayin, at ng isang boong tali upang buhayin. At ang mga Moabita ay naging mga alipin ni David, at nagsipagdala ng mga kaloob. **3** Sinugatan naman ni David si Hadadezer na anak ni Rehob, na hari sa Zoba, sa pagparoon niya upang bawiin ang kaniyang kapangyarihan sa tabi ng Ilog. **4** At sinakop ni David sa kaniya ay isang libo at pitong daan na mangangabayo, at dalawang puong libo na naglalakad: at pinalayan ni David ang lahat ng mga kabayo ng mga karro, ngunit, iningatan sa kanila para sa isang daang karro. **5** At ng ang mga taga Siria sa Damasko ay sumaklolo kay Hadadezer na hari sa Zoba, sinugatan ni David sa mga taga Siria ay dalawang puo't dalawang libong tawo. **6** Ng magkagayo'y nilagyan ni David ng mga pulutong sa Siria sa Damasko: at ang mga taga Siria ay naging mga alipin ni David, at nagsipagdala ng mga kaloob. At pinapagtagumpay ng PANGINOON si David saan man siya pumaroon. **7** At kinuha ni David ang mga kalasag na ginto na nasa mga lingkod ni Hadadezer, at mga dinala sa Jerusalem. **8** At sa Beta at sa Berotai na mga ciudad ni Hadadezer, kumuha ang haring si David ng totoong maraming tanso. **9** At ng maringin ni Toi na hari sa Hamat na sinugatan ni David ang boong kukbo ni Hadadezer, **10** sinugo nga ni Toi si Joram na kaniyang anak kay haring David, upang bu-

mati sa kaniya, at upang basbasan siya, sapagka't siya'y bumaka laban kay Hadadezer at sinugatan niya siya: sapagka't si Hadadezer ay nagkaroon ng mga pakikipagbaka kay Toi. At nagdala si Joram ng mga sisidlang pilak, at mga sisidlang ginto, at mga sisidlang tanso: **11** itinalaga naman ni David sa PANGINOON ang mga ito, sanpuo ng pilak at ng ginto na kaniyang itinalaga na mula sa lahat ng mga nasyon na kaniyang pinasuko; **12** sa Siria, at sa Moab, at sa mga anak ng Ammon, at sa mga Filisteo, at sa Amalek, at sa samsam kay Hadadezer na anak ni Rehob na hari sa Zoba. **13** At nabantog si David ng siya'y magbalik na mula sa pagsugat sa mga taga Siria sa Libis na Asin, ng labing walong libong lalaki. **14** At naglagay siya ng mga pulutong sa Edom; sa boong Edom siya'y naglagay ng mga pulutong, at ang lahat na mga Edomeo ay naging mga alipin ni David. At pinapagtagumpay ng PANGINOON si David saan man siya pumaroon.

**15** At naghari si David sa boong Israel; at humatol si David ng kahatulan at ng katuiran sa kaniyang boong bayan. **16** At si Joab na anak ni Zeruaia ay nasa hukbo; at si Josafat na anak ni Ahilud ay taga pagpaalala: **17** at si Zadok na anak ni Ahitub at si Ahimelek na anak ni Abiatar ay mga sacerdote; at si Seraya ay kalihim; **18** at si Benaya na anak ni Joiada ay nag-uutos sa mga Kereteo at sa mga Peleteo; at ang mga anak ni David ay mga sacerdote.

**9** At sinabi ni David: ¿May nalalabi pa ba sa bahay ni Saul, upang aking mapagpakitaan ng kagandahang-loob dahil kay Jonatan? **2** At may isang alipin sa bahay ni Saul na nanggangalang Ziba, at kaniang tinawag siya sa harap ni David; at sinabi ng hari sa kaniyang: ¿Ikaw ba'y si Ziba? At kaniyang sinabing: Ang iyong alipin nga: **3** At sinabi ng hari: ¿Mayroon pa ba na sino man sa bahay ni Saul, upang aking mapagpakitaan ng kagandahang-loob ng Dios siya? At sinabi ni Ziba sa hari: Si Jonatan ay may isang anak pa, na pilay ang kaniyang mga paa. **4** At sinabi ng hari sa kaniyang: ¿Saan nandoon siya? At sinabi ni Ziba sa hari: Narito, siya'y nasa bahay ni Makir na anak ni Amiel, sa Lo-debar. **5** Ng magkagayo'y nagsugo ang haring si David at kinuha siya sa bahay ni Makir na anak ni Amiel na mu-

la sa lo-debar. **6** At si Mefiboset, na anak ni Jonatan, na anak ni Saul, ay naparoon kay David, at nagpatirapa sa kaniyang harap, at gumalang. At sinabi ni David: Mefiboset. At siya'y sumagot: ;Narito, ang iyong alipin! **7** At sinabi ni David sa kaniyang: Iluag kang matakot: sapagka't aking tunay na pagpapakitaan ka ng kagandahang-loob dahil kay Jonatan na iyong ama, at aking isasauli ang boong lupa ni Saul na iyong ama sa iyo; at ikaw ay kakain ng tinapay sa aking dulang na palagi. **8** At siya'y gumalang at nagsabing: ;Ano ang iyong alipin upang iyong lingonin na parang isang asong patay ako? **9** Ng magkagayo'y tinawag ng hari si Ziba na alipin ni Saul, at sinabi sa kaniya: Lahat ng nauukol kay Saul at sa boong kaniyang bahay ay aking ibinigay sa anak ng iyong panginooon. **10** At iyong bubukirin ang lupain sa kaniya, mo, at ng iyong mga anak, at ng iyong mga alipin: at iyong dadalhin dito ang mga bunga, upang ang anak ng iyong panginooon ay magkaroon ng tinapay na makakain: nguni't si Mefiboset na anak ng iyong panginooon ay kakain ng tinapay kailan man sa aking dulang. Si Ziba nga ay may labing limang anak at dalawang puong alipin. **11** Ng magkagayo'y sinabi ni Ziba sa hari: Ayon sa lahat na iniutos ng aking panginooon na hari sa kaniyang alipin, ay gayon gagawin ng iyong alipin. Tungkol kay Mefiboset, *sinabi ng hari*: Siya'y kakain sa aking dulang na gaya ng isa sa mga anak ng hari. **12** At si Mefiboset ay may isang anak na binata, na ang pangalan ay Mika. At lahat na tumatahan sa bahay ni Ziba ay mga alipin ni Mefiboset. **13** Gayon tumahan si Mefiboset sa Jerusalem: sapagka't siya'y kumaing palagi sa dulang ng hari: at siya'y pilay sa kaniyang dalawang paa.

**10** At nangyari, pagkatapos nito, na ang hari sa mga anak ng Ammon ay namatay, at si Hanun na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya. **2** At sinabi ni David: Aking pagpapakitaan ng kagandahang-loob si Hanun na anak ni Nahas, kung paanong nagpakita ng kagandahang-loob ang kaniyang ama sa akin. Sa gayo'y sinugo ni David sa pamamag-itan ng kamay ng kaniyang mga lingkod upang aliwin siya tungkol sa kaniyang ama. At naparoon ang mga lingkod ni David sa lupain ng mga anak

ng Ammon. **3** Nguni't sinabi ng mga pangulo ng mga anak ni Ammon kay Hanun na kanilang panginooon: ;Inakala mo bang pinararangalan ni David ang iyong ama, sa paraan siya'y nagsugo ng mga taga aliw sa iyo? ;Hindi ba nagsugo si David ng kaniyang mga aliw sa iyo upang kilalanin ang ciudad, at upang tiktikan, at upang gibain? **4** Sa gayo'y kinuha ni Hanun ang mga lingkod ni David, at inahit ang kalahati ng kanilang balbas, at pinutol ang kanilang mga suot sa gitna, sa kanilang pigi, at mga pinagpaalam. **5** Ng kanilang saysavin kay David, siya'y nagsugo upang salubongin sila; sapagka't ang mga lalaki ay totoong nangapahiya. At sinabi ng hari: Maghintay kayo sa Jeriko hangang sa tumubo ang inyong balbas, at kung magkagayo'y magbalik kayo. **6** At ng makita ng mga anak ng Ammon na sila'y naging nakapopoot kay David, ang mga anak ng Ammon ay nagsugo, at inupahan ang mga taga Siria sa Bet-rehob, at ang mga taga Siria sa Zoba, na dalawang puong libong naglalakad, at ang hari sa Maaka na may isang libong lalaki, at ang mga lalaki sa Tob na labing dalawang libong lalaki. **7** At ng marinig ni David, kaniyang sinugo si Joab at ang boong hukbo ng makapangyarihang lalaki. **8** At ang mga anak ng Ammon ay lumabas at humanay ng pakikipagbaka sa pasukan sa pintuang-daan: at ang mga taga Siria sa Zoba at sa Rehob, at ang mga lalaki sa Tob at sa Maaka, ay nahihiwalay sa parang. **9** Ng makita nga ni Joab ang pagbabaka ay nalalagay laban sa kaniyang harap at likuran, siya'y punili ng lahat na mga piling lalaki sa Israel, at mga inihanay niya laban sa mga taga Siria: **10** at ang labis ng bayan ay kaniyang ibinigay sa kamay ni Abisai na kaniyang kapatid, at kaniyang mga inihanay laban sa mga anak ng Ammon. **11** At kaniyang sinabing: Kung ang mga taga Siria ay maging malakas kay sa akin, iyo ngang tutulungan ako: nguni't kung ang mga anak ng Ammon ay maging malakas kay sa iyo; ay ako nga'y paparoon at tutulungan kita. **12** Magpakatayang ka at ating ipakipaglaro ang mga lalaki dahil sa ating bayan, at sa mga ciudad ng ating Dios: at ginawa ng PANGINOOON ang inakala niyang mabuti. **13** Sa gayo'y lumapit si Joab at ang bayan na nasa kaniya sa pakikipagbaka laban sa mga taga

Siria: at sila'y tumakas sa harap niya. **14** At ng makita ng mga anak ng Ammon na ang mga taga Siria ay tumatakas, sila naman ay tutaakas sa harap ni Abisai, at pumasok sa ciudad. Bumalik nga si Joab na mula sa mga anak ng Ammon at naparoon sa Jerusalem. **15** At ng makita ng mga taga Siria na sila'y nadaig sa harap ng Israel, sila'y nagpipisan. **16** At nagsugo si Hadarezer at dinala ang mga taga Siria na nandoon sa dako pa roon ng Ilog: at sila'y naparoon sa Helam, na kasama ni Sobak na puno ng mga hukbo ni Hadarezer sa kanilang unahan. **17** At nasaysay kay David, at kaniyang pinisan ang boong Israel, at nagdaan ng Jordan, at naparoon sa Helam. At ang mga taga Siria ay nagsihanay laban kay David, at bumaka sa kaniya. **18** At ang mga taga Siria ay tumakas sa harap ng Israel; at pumatay si David ng mga lalaki sa mga taga Siria na pitong daang karro, at apat na puong libo na nangangabayo, at sinugatan si Sobak na kapitan sa kanilang hukbo, na ano pa't namatay doon. **19** At ng makita ng lahat na mga hari na mga lingkod ni Hadarezer na sila'y nadaig sa harap ng Israel, ay gumawa ng kapayapaan sa Israel at naglingkod sa kanila. Sa gayo'y natakot ang mga taga Siria na tumulong pa sa mga anak ni Ammon.

**11** At nangyari sa pagbabalik ng taon sa panahon ng paglabas ng mga hari sa pakikipagbaka, na sinugo ni David si Joab, at ang kaniyang mga lingkod na kasama niya, at ang boong Israel; at kanilang nilansag ang mga anak ng Ammon at kinulong sa Rabba. Nguni't si David ay naghintay sa Jerusalem.

**2** At nangyari sa kinahapunan, na si David ay nagbangon sa kaniyang hihigan, at lumakad sa pulupo ng bahay ng hari: at mula sa pulupo ay kaniyang nakita ang isang babaye na naliligo; at ang babaye ay totoong napakagandang masdan.

**3** At nagsugo si David, at nagpasiyasat tungkol sa babaye. At sinabi ng isa: *¿Hindi ba ito ay si Bat-seba na anak ni Eliam, na asawa ni Urias na Hiteo?*

**4** At si David ay nagsugo ng mga sugo, at kinuha siya; at siya'y pumaroon sa kaniya, at kaniyang sinipingan siya; (sapagka't siya'y malinis sa kaniyang karumihan); at siya'y nagbalik sa kaniyang bahay. **5** At ang babaye ay nagdalang tawo; at siya'y nagsugo at nasaysay kay David, at nagsabing: *Ako'y bun-*

*tis. 6* At nagsugo si David kay Joab, na nagsabing: *Suguin mo sa akin si Urias na Hiteo. At sinugo ni Joab si Urias kay David. 7* At ng si Urias ay dumating sa kaniya, tinanong ni David siya kung paano ang tayo ni Joab, at kung ano ang kalagayan ng bayan, at kung paano ang tayo ng pagbabaka.

**8** At sinabi ni David kay Urias: *Bumabaka sa iyong bahay, at iyong hugasan ang iyong mga paa. At umalis si Urias sa bahay ng hari, at isinusunod sa kaniya ang isang buntong ng pagkain na mula sa hari. 9* Nguni't natulog si Urias sa pinatuan ng bahay ng hari na kasama ng lahat ng mga lingkod ng kaniyang panginoon, at hindi binaba ang kaniyang bahay. **10** At ng savsayin kay David, na sabihing: *Hindi binaba ni Urias ang kaniyang bahay, sinabi ni David kay Urias?*

*¿Hindi ka pa ba nakapaglalakbay? ¿bakit hindi mo binaba ang iyong bahay;*

**11** At sinabi ni Urias kay David: *Ang kaban, at Israel, at Juda, ay nasa mga dampa; at ang aking panginoong si Joab, at ang mga lingkod ng aking panginoon, at natatayo sa lual na parang; ¿vayaon nga ba ako sa aking bahay, upang kumain, at upang uminom, at upang sumiping sa aking asawa? buhay ka, at buhay ang iyong kalulua, hindi ko gagawin ang bagay na ito. 12* At sinabi ni David kay Urias: *Maghintay ka rito ngayon naman, at bukas ay ikaw ay aking payayauhin. Sa gayo'y tumahan si Urias sa Jerusalem ng araw na yaon, at ng kinabukasan. 13* At ng tawagin siya ni David, siya'y kumain at uminom sa harap niya; at kaniyang nilango siya: at sa paghulog ng araw, siya'y lumabas upang mahiga sa kaniyang hihigan na kasama ng mga lingkod ng kaniyang panginoon, nguni't hindi niya binaba ang kaniyang bahay. **14** At nangyari, sa kinaumagahan, na sumulat si David ng isang sulat kay Joab, at ipinadala sa pamamag-itan ng kamay ni Urias.

**15** At kaniyang isinulat sa sulat, na sabing: *Ilagay mo si Urias sa pinakaunahan ng mainit na pagbabaka, at kayo'y magsiurong mula sa kaniya, upang siya'y masugatan, at mamatay. 16* At nangyari, ng binabantayan ni Joab ang ciudad, na kaniyang inilagay si Urias sa lugar na kaniyang nalalaman, na kinaroroonan ng mga matapang na lalaki. **17** At ang mga lalaki sa ciudad ay lumabas at nakipagbaka kay Joab: at nabual ang iba sa bayan, sa mga lingkod ni David; at si

Urias na Hiteo ay namatay rin. **18** Ng magkagayo'y nagsugo si Jeab, at isinaysay kay David ang lahat ng bagay tungkol sa pagbabaka; **19** at kaniyang ibinilin sa sugo, na sinabing: Pagka ikaw ay nakatapos na mag-asaw ay ng lahat ng mga bagay tungkol sa pagbabaka sa hari, **20** mangyayari na, kung ang galit ng hari ay magbangon, at kaniyang sabihin sa iyo: ¿Bakit kayo lumapit na mabuti sa ciudad upang bumaka? ¿Hindi ba ninyo nalalaman na sila'y papana mula sa kuta? **21** ¿Sino ang sumugat kay Abimelek na anak ni Jerubbeset? ¿Hindi ba isang babaye ang naghagis ng isang bato na ibabaw ng gilingan sa kaniya mula sa kuta, na ano pat' siya'y namatay sa Tebez? ¿Bakit kayo'y nagpakalapit sa kuta? Iyo n'ang sasabihing: Ang iyong lingkod na si Urias na Hiteo ay namatay rin. **22** Sa gayo'y ang sugo ay yumaon, at naparoon at nagsumbong kay David ng lahat na sinugo sa kaniya ni Jeab. **23** At sinabi ng sugo kay David: Ang mga lalaki ay nanaig laban sa amin, at nilabas kami sa parang, at kami ay napasa kanila hangang sa pasukan ng pintuang-daan. **24** At ang mga mamamana ay punama sa iyong mga lingkod mula sa kuta; at ang iba sa mga lingkod ng hari ay namatay, at ang iyong lingkod na si Urias na Hiteo ay namatay rin. **25** Ng magkagayo'y sinabi ni David sa sugo: Ganito ang iyong sasabihin kay Jeab: Huag mong masamain ang bagay na ito, sapagka't nilalamon ng tabak maging ito gaya ng iba: iyong palakasin pa ang iyong pagbabaka laban sa ciudad, at iwak: at iyong patapangin siya. **26** At ng marinig ng asawa ni Urias na si Urias na kaniyang asawa ay namatay, kaniyang tinangisan ang kaniyang asawa. **27** At ng ang pagtangis ay makaraan, nagsugo si David, at kinuha siya sa kaniyang bahay, at siya'y maging kaniyang asawa, at nagkaanak sa kaniya ng isang lalaki. Ngunit ang bagay na ginawa ni David ay minasama ng PANGINOON.

**12** At sinugo ng PANGINOON si Natan kay David. At siya'y naparoon sa kaniya, at nagsabi sa kaniyang: May dalawang lalaki sa isang ciudad; ang isa ay mayaman at ang isa ay mahirap. **2** Ang mayaman, mayroong totoong marami na mga kawan at mga bakahan: **3** ngunit ang mahirap ay walang ano mang bagay, liban sa isang munting cordero babaye, na kaniyang binili at ina-

lagaan: at humaki sa kaniya, at sa kaniyang mga anak; kumakain sa kaniyang sariling subo, at huminon sa kaniyang sariling kopa, at umihiga sa kaniyang sinapupunan, at sa kaniya'y parang isang anak. **4** At naparoon ang isang maglalakbay sa mayaman, at hindi siya naghiwalay na kumuha sa kaniyang sariling kawan at sa kaniyang sariling bakahan, upang ihanda sa naglalakbay na dumating sa kaniya, kungdi kinuha ang cordero ng mahirap na lalaki at inibanda sa lalaki na dumating sa kaniya. **5** At ang galit ni David ay nag-alab na mainam laban sa lalaki; at kaniyang sinabi kay Natan: Buhay ang PANGINOON, ang lalaki na gumawa nito ay marapat na patayin. **6** at isasauli ang cordero na may dagdag na apat, sapagka't kaniyang ginawa ang bagay na ito, at sapagka't siya'y hindi naawa.

**7** At sinabi ni Natan kay David: Ikaw ang lalaking yaon. Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel: Ikaw ay pinahiran kita upang maging hari sa Israel, at aking iniligtas kita sa kamay ni Saul; **8** at ibinigay ko sa iyo ang bahay ng iyong panginoon, at ang mga asawa ng iyong panginoon sa iyong sinapupunan, at ibinigay ko sa iyo ang bahay ng Israel at ng Juda; at kung totoong maliit ito, ay aking idadagdag sa iyo ang mga gayo't gayong bagay. **9** ¿Bakit nga iyong niwalang kabuluhan ang salita ng PANGINOON, na iyong ginawa ang masama sa kaniyang paningin? Iyong sinugatan si Urias na Hiteo ng tabak, at iyong kinuha ang kaniyang asawa upang maging iyong asawa, at iyong pinatay siya ng tabak ng mga anak ng Amnon, **10** Ngayon nga'y ang tabak ay hindi hihiwalay kailan man sa iyong bahay; sapagka't iyong niwalan ng kabuluhan ako, at iyong kinuha ang asawa ni Urias na Hiteo upang maging iyong asawa. **11** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito ako, magtitingdig ng kasaman laban sa iyo sa iyong sariling bahay, at aking kukunin ang iyong mga asawa sa harap ng iyong mga mata, at aking mga ibibigay sa iyong kapua, at kaniyang sisipingnan ang iyong mga asawa sa sikat ng araw na ito. **12** Sapagka't iyong ginawa na lilihi: ngunit aking gagawin ang bagay na ito sa harap ng boong Israel, at sa harap ng araw. **13** At sinabi ni David kay Natan: Ako'y nagkasala laban sa PANGINOON. At sinabi ni Natan kay David: Inalis

din ng PANGINOON ang iyong kasalanan; hindi ka mamamaty. **14** Gayon ma'y sa paraang ang gawang ito'y iyong ginawa ng malaking pagkakataon sa mga kaaway ng PANGINOON upang lapastanganin, ang bata naman na ipinanganak sa iyo ay walang pagsalang mamamaty. **15** At si Natan ay umowi sa kaniyang bahay.

At sinugatan ng PANGINOON ang bata na ipinanganak ng asawa ni Urias kay David, at totoong malubha. **16** Ipinanalanin nga ni David sa Dios ang bata, at si David ay nag-ayuno at pumapasok, at humihiga boong gabi sa lupa. **17** At ibinabangon ng mga matanda sa kaniyang bahay, at tumatayo sa siping niya, upang itindig siya sa lupa: nguni't siya'y ayaw, kahit kumain ng tinapay na kasalo nila. **18** At nangyari, ng ikapitong araw, na ang bata ay namatay. At natakot ang mga lingkod ni David na saysayin sa kaniya na ang bata ay namatay: sapagka't kanilang sinasabing: Narito, samantalang ang bata ay buhay, kami ay nakikipagsalitaan sa kaniya, at hindi siya nakikinig sa aming voces: ¿Paanong mababagabag nga siya kung aming sasabihin sa kaniya na ang bata ay namatay? **19** Nguni't ng makita ni David na ang kaniyang mga lingkod ay nagbubulungbulungan, nahalata ni David na ang bata ay namatay: at sinabi ni David sa kaniyang mga lingkod: ¿Namatay ba ang bata? At kanilang sinabing: Siya'y patay. **20** Ng makagayo'y nagbangon si David sa lupa at naligo, at nagpahid ng langis, at nagbibhis ng kaniyang suot; at siya'y naparoon sa bahay ng PANGINOON, at sumamba: ng magkagayo'y siya'y naparoon sa kaniyang sariling bahay; at ng siya'y humingi, nilagyan nila ng tinapay siya sa harap, at siya'y kumain. **21** Ng magkagayo'y sinabi ng kaniyang mga lingkod sa kaniyang: ¿Anong bagay ito na iyong ginawa? Ikaw ay nag-aayuno at umiiyak dahil sa bata, samantalang siya'y buhay; nguni't ng mamatay ang bata, ikaw ay nagbangon at kumain ng tinapay. **22** At kaniyang sinabing: Samantalang ang bata'y buhay, ako'y nag-aayuno at umiiyak. Sapagka't aking sinasabing: ¿Sino ang nakakaalam kung maawa sa akin ang PANGINOON, na ano pa't ang bata'y mabuhay? **23** Nguni't ngayo'y siya'y patay; ¿Bakit pa ako mag-aayuno? ¿Maibabalik ko pa ba siya? Ako'y paroroon sa kaniya, nguni't siya'y hindi babalik sa akin. **24** At inaalih ni David si Bat-seba

na kaniyang asawa, at lumapit sa kaniya, at sumiping sa kaniya: at siya'y nanganak ng isang lalaki, at tinawag niya ang kaniyang pangalan na Solomon. At minahal ng PANGINOON siya; **25** at nagsugo sa pamamagitan ng kamay ni Natan na profeta, at tinawag niya ang kaniyang pangalan na Jedidia dahil sa PANGINOON.

**26** Bumaka nga si Joab laban kay Rabba sa mga anak ni Ammon, at sinakop ang ciudad hari. **27** At nagsugo si Joab ng mga sugo kay David, at nagsabing: Ako'y bumaka laban kay Rabba, ce, aking sinakop ang ciudad ng mga tubig. **28** Ngayon nga'y pinisan mo ang nalabi sa bayan, at ikaw ay magtayo laban sa ciudad, at sakupin mo: baka akin sakupin ang ciudad; at tawagin ayon sa aking pangalan. **29** At pinisan ni David ang boong bayan, at naparoon sa Rabba, at bumaka laban doon, at sinakop. **30** At kinuha ang korona ng kanilang hari sa kaniyang ulo: at ang bigat noon ay isang talentong ginto, at may mga mahalagan bato; at inilagay sa ulo ni David. At siya'y naglabas ng samsam sa ciudad na totoong marami. **31** At kaniyang inilabas ang bayan na nandoon, at mga inilagay sa ilalim ng mga lagari, at ng mga pangpatag na bakal, at ng mga palakol na bakal, at mga pinaraan sa mga hurno ng ladrillo: at gayon ang ginawa niya sa lahat ng ciudad ng mga anak ng Ammon. At si David at ang boong bayan ay nagbalik sa Jerusalem.

**13** At nangyari, pagkatapos nito, na si Absalom na anak ni David ay mairoong isang kapatid na babaye na maganda, na ang pangala'y Tamar; at sininta siya ni Ammon na anak ni David. **2** At si Ammon ay totoong nagipit, na ano pa't siya'y nagkasakit dahil sa kaniyang kapatid na kay Tamar; sapagka't siya'y den-cella; at inaakala ni Ammon na mahirap gawan siya ng ano mang bagay. **3** Nguni't si Ammon ay may isang kaibigan na ang pangala'y Jonadab, na anak ni Simea na kapatid ni David: at si Jonadab ay isang lalaking totoong maliksi. **4** At sinabi niya sa kaniyang: ¿Bakit, ce anak ng hari na sa acaw-araw, pumuputla kang ganiyan? ¿Hindi mo ba sasaysayin sa akin? At sinabi ni Ammon sa kaniyang: Aking sinisinta si Tamar na kapatid ng aking kapatid na si Absalom. **5** At sinabi ni Jonadab sa kaniyang: Mahiga ka sa iyong hihihan, at magpakunuari

kang may sakit: at pagka ang iyong ana ay naparoon upang tingnan ka, sabihin mo sa kaniyang: Isinasamo ko sa iyo na ang aking kapatid na si Tamar ay pumarito, at bigyan ako ng tinapay na makakain, at maghanda ng pagkain sa aking paningin upang aking makita, at kanin sa kaniyang kamay. 6 Sa gayo'y nahiga si Amnon at nagpakonang may sakit: at ng pumaroon ang hari upang tingnan siya, sinabi ni Amnon sa haring: Isinasamo ko sa iyo na pumarito ang aking kapatid na si Tamar, at igawa ako ng dalawang mamon sa aking paningin upang aking makain sa kaniyang kamay. 7 Ng magkagayo'y nagsugo si David sa bahay kay Tamar, na sinabing: Pumaroon ka ngayon sa bahay ng iyong kapatid na si Amnon, at ipaghanda mo siya ng pagkain. 8 Sa gayo'y naparoon si Tamar sa bahay ng kaniyang kapatid na si Amnon; at siya'y nakahiga. At siya'y kumuha ng iyang pasta, at mibasa, at ginawang mga mamon sa kaniyang paningin, at niluto ang mga mamon. 9 At kumuha siya ng kawali at mga hinuhos sa harap niya; ngunit kaniyang tinangilang kanin. At sinabi ni Amnon: Alisin ang lahat na lalaki sa harap ko. At silang lahat ay umalis sa harap niya. 10 At sinabi ni Amnon kay Tamar: Dalhin mo rito ang pagkain sa silid, upang aking makain sa iyong kamay. At kinuha ni Tamar ang mga mamon na kaniyang ginawa, at mga dinala sa silid kay Amnon na kaniyang kapatid. 11 At ng kaniyang mga dalhin sa kaniya upang kanin, kaniyang tinangnan siya, at sinabi niya sa kaniyang: Halika, sumiping ka sa akin, kapatid ko. 12 At sumagot siya sa kaniyang: Huag kapatid ko, huag mo akong dahasin; sapagka't hindi marapat gawin sa Israel ang ganiyang bagay: huag kang gumawa ng ganitong kaululan. 13 At ako, saan mo dadalhin ang aking hiya? at tungkol sa iyo, ay ikaw ay magiging parang isa sa mga mangmang sa Israel. Ngayon nga, isinasamo ko sa iyo, magsalita ka sa hari, sapagka't hindi ipagkakait ako sa iyo. 14 Gayon ma'y hindi niya dininig ang kaniyang voces: kungdi sa paraang siya'y malakas kay sa kaniya, dinahas niya siya, at sumiping sa kaniya. 15 Ng magkagayo'y kinapootan siya ni Amnon na may balagpit na poot; sapagka't ang kapootan na kaniyang iki-napoot sa kaniya ay malaki kay sa pag-sinta na kaniyang isininta sa kaniya.

At sinabi ni Amnon sa kaniyang: Magbangon ka, ikaw ay yumaon. 16 At sinabi niya sa kaniyang: Huag gayon, sapagka't itong malaking kasaman-an sa pagpapalabas mo sa akin ay *higit* kay sa iba na iyong ginawa sa akin. Ngunit hindi niya dininig siya. 17 Ng magkagayo'y tinawag niya ang kaniyang alipin na nag-aalaga sa kaniya, at sinabing: Iibas mo ang babayang ito sa harap ko, at itranka mo ang pintuan pagkalabas niya. 18 At siya'y may suot na sarisaring kulay: sapagka't ang mga gayong kasuotan ay isinasuot ng mga anak na doncella ng hari. Ng magkagayo'y inilabas siya ng kaniyang alipin at tinarankahan ang pintuan pagkalabas niya. 19 At nilagyan ni Tamar ng mga abo ang kaniyang ulo, at hinapak ang kaniyang suot na sarisaring kulay na nakasuot sa kaniya; at kaniyang ipinatong ang kaniyang kamay sa kaniyang ulo, at ipinagpatuloy ang kaniyang lakad na sumisigaw ng malakas habang siya'y yumayaon. 20 At sinabi ni Absalom na kaniyang kapatid sa kaniyang: Si Amnon ba na iyong kapatid ay lumapit sa iyo? ngunit ngayon tunahimik ka kapatid ko: siya'y iyong kapatid; huag moing isapuso ang bagay na ito. Sa gayo'y si Tamar ay napighati sa bahay ng kaniyang kapatid na si Absalom. 21 Ngunit ng marinig ng haring si David ang lahat ng bagay na ito, siya'y totoong mag-init. 22 At hindi nagsalita si Absalom kay Amnon kahit mabuti o masama man: sapagka't kinapootan ni Absalom si Amnon dahil sa kaniyang dinahas ang kaniyang kapatid na si Tamar.

23 At nangyari, pagkatapos ng dalawang ganap na taon, na nag-papagupit ng mga tupa si Absalom sa Baalhazor na nasa siping ng Efrain: at inanyayaban ni Absalom ang lahat na mga anak ng hari. 24 At naparoon si Absalom sa hari, at nagsabing: Narito, ngayon, ang iyong lingkod ay nagpapagupit ng mga tupa; isinasamo ko sa iyo na ang hari at ang kaniyang mga lingkod ay yumaong kasama ng iyong lingkod. 25 At sinabi ng hari kay Absalom: Huag anak ko, huag tayong yumaong lahat, baka maging mabigat na pasan sa iyo. At siya'y nagpundit sa kaniya: gayon ma'y siya'y hindi yumaon, kungdi binasban siya. 26 Ng magkagayo'y sinabi ni Absalom: Kung hindi, isinasamo ko sa iyo, pasamahin mo sa amin ang aking kapatid na si Am-

non. At sinabi ng hari sa kaniyang: *¿Bakit siya'y sasama sa iyo?* 27 Nguni't pinilit siya ni Absalom, na ano pa't kaniyang pinasama sa kaniya si Amnon at ang lahat na mga anak ng hari. 28 At iniutos ni Absalom sa kaniyang mga alipin na sinabing: Taudaan ninyo ngayon, pagka ang puso ni Amnon ay masya dahil sa alak; at pagka aking sinabi sa inyo: Inyong sugatan si Amnon; patayin ninyo siya, huag kayong matakot: *¿hindi ba ako ang nag-utos sa inyo?* kayo nga'y magpalakas, at magpakatampang. 29 At ginawa ng mga alipin ni Absalom kay Amnon kung ano ang iniutos ni Absalom. Ng magkagayo'y nagbangon ang lahat ng mga anak ng hari, at sumakay ang bawa't lalaki sa kaniyang mula, at tumakas. 30 At nangyari, samantalang sila'y nasa daan, na ang balita ay dumating kay David, na sinabing: Pinatay ni Absalom ang lahat na anak ng hari, at walang nalabi isa man sa kanila. 31 Ng magkagayo'y nagbangon ang hari at hinapak ang kaniyang mga suot, at humiga sa lupa; at ang lahat niyang mga lingkod ay nakatayo sa palibot na hapak ang kamlang mga suot. 32 At si Jonadab na anak ni Simea na kapatid ni David, ay sumagot at nagsabing: Huag akalain ng aking panginoon na kanilang pinatay ang lahat na binatang anak ng hari; sapagka't si Amnon lamang ang patay: sapagka't sa utos ni Absalom ay pinasiyahan ito mula sa araw na kaniyang dahasin ang kaniyang kapatid na si Tamar. 33 Ngayon nga'y huag isapuso ng aking panginoon na hari ang bagay, na akalain ang lahat na anak ng hari ay patay: sapagka't si Amnon lamang ang patay. 34 Nguni't si Absalom ay tumakas. At ang binata na naghabantayay itinaas ang kaniyang mga mata, at tumingin, at narito, dumarating ay maraming tawo sa daan na mula sa burol, sa likuran niya. 35 At sinabi ni Jonadab sa hari: Narito, ang mga anak ng hari ay dumarating: kung ano ang sinabi ng iyong lingkod ay nagkagayon. 36 At nangyari pagkatapos niyang makapagsalita, na narito, ang mga anak ng hari ay dumating, at itinaas ang kanilang voces at umiyak: at ang hari naman at ang lahat niyang mga lingkod ay umiyak na mainam. 37 Nguni't tumakas si Absalom at naparoon kay Talmai na anak ni Amihur na hari sa Gesur. At tumangis si David dahil sa kaniyang anak araw araw.

38 Sa gayo'y tumakas si Absalom at naparoon sa Gesur, at dumoong tatlong taon. 39 At ang kaluluha ng hari ay nagnanasang makisanib kay Absalom: sapagka't siya'y naaliw na tungkol kay Amnon, sa paraang siya'y patay na.

14 Nabalata nga ni Joab na anak ni Zeruaia na ang puso ng hari ay nahihilig kay Absalom. 2 At nagsugo si Joab sa Tekoa, at nagdala mula roon ng isang pantas na babaye, at sinabi sa kaniyang: Isinasamo ko sa iyong ikaw ay magpakunuari na tumatangis, at magbihis ng luksa, at huag kang magpahid ng langis, kungdi ikaw ay magpakunuarang isang babaye na mahabang panahon na nagluluksa dahil sa isang namatay: 3 at ikaw ay pumaroon sa hari, at magsalita ng ganitong paraan sa kaniya. Sa gayo'y inilagay ni Joab ang mga salita sa kaniyang bibig. 4 At ng magsalita ang babaye sa Takoe sa hari, siya'y nagpatirapa sa lupa, at gumalang, at nagsabing: Tulungan mo ako, Oh hari. 5 At sinabi ng hari sa kaniyang: *¿Anong mayroon ka?* At siya'y sumagot: Sa katotohanan ako'y bao, at ang aking asawa ay namatay. 6 At ang iyong lingkod ay may dalawang anak at silang dalawa'y nag-away sa parang at walang maghiwalay sa kanila, nguni't sinugatan ng isa ang isa, at pinatay siya. 7 At, narito, ang boong angka ay nagbangon laban sa iyong lingkod, at sila'y nagsabing: Ibigay mo siya na umugat sa kaniyang kapatid, upang siya'y mapatay namin dahil sa buhay ng kaniyang kapatid na kaniyang pinatay, at sa gayo'y iwasak namin ang taga pagmana naman: ganito nila papatayin ang aking бага na nalabi; at walang maiwan sa aking asawa kahi't pangalan o ano mang labi sa balat ng lupa. 8 At sinabi ng hari sa babaye; Ikaw ay yumaon sa iyong bahay, at ako'y magbibigay utos tungkol sa iyo. 9 At ang babaye sa Tekoa ay nagsabi sa haring: Panginoon ko, Oh hari, ang kamsam-an ay suma akin, at suma babay ng aking ama: at ang hari at ang kaniyang luklukan ay maging walang sala. 10 At sinabi ng hari: Sino mang magsabi sa iyo ng ano man, dalhin mo sa akin, at hindi na niya babangitan ka pa. 11 Ng magkagayo'y sinabi niyang: Isinasamo ko sa iyo, na alalahanin ng hari ang PANGINOONG iyong Dios, na huag gibain ng mapanghiganti sa dugo kailan man, baka kanilang ibual ang aking anak. At

kaniyang sinabing: Buhay ang PANGINOON, walang buhok na mahuhulog sa iyong anak sa lupa. **12** Ng magkagayo'y sinabi ng babaye: Pahintulutan mo ang iyong lingkod, isinasamo ko sa iyo, na magsalita ng isang salita sa aking panginoon na hari. At kaniyang sinabing: Sabihin mo. **13** At sinabi ng babaye: Bakit nga iyong inakala ang gayong bagay laban sa bayan ng Dios? sapagka't sa pagsasalita ng ganitong salita ang hari ay parang sala rin, sa paraang hindi ipinabalik ng hari ang kaniyang sariling itinapon. **14** Sapagka't tayo'y mamamatay na walang pagsala at parang tubig na mabubuhos sa lupa, na hindi mapupulot uli; o ibig man ng Dios na mag-alis ng buhay, kungdi bumahaup ng paraan na siya na itinapon ay huag mamalagi na tapon sa kaniya. **15** Ngayon ngay sa paraang ako'y naparito upang salitain ang salitang ito sa aking panginoon na hari, ay sapagka't tinakot ako ng bayan: at sinabi ng iyong lingkod: Ako'y magsasalita sa hari; marahil gagawin ng hari ang lingi ng kaniyang lingkod. **16** Sapagka't didingin ng hari upang iligtas ang kaniyang lingkod sa kamay ng lalaki na ibig patayin ako at ang aking anak na magkasama sa mana ng Dios. **17** Ng magkagayo'y sinabi ng iyong lingkod: Isinasamo ko sa iyo na ang salita ng aking panginoon na hari ay maging mapayapa: sapagka't kung paano ang angel ng Dios, ay gayon ang aking panginoon na hari upang makipagtalastasan sa mabuti at masama: at ang PANGINOONG IYONG DIOS ay sumasuyo. **18** Ng magkagayo'y sumagot ang hari at nagsabi sa babaye: Huag mong ikubli sa akin, isinasamo ko sa iyo, ang ano man na aking itatanong sa iyo. At sinabi ng babaye: Papagsalitain ako ng aking panginoon na hari ngayon. **19** At sinabi ng hari: Nasa iyo ba ang kamay ni Joab sa boong ito? At sumagot ang babaye at nagsabing: Buhay ang iyong kaluluwa, panginoon ko na hari, walang makaliliko sa kanan o sa kaliwa sa ano man na sinalita ng aking panginoon na hari, sapagka't ang iyong lingkod na si Joab na siyang nag-utos sa akin, at siyang naglagay ng labat na maa salitang ito sa bibig ng iyong lingkod. **20** upang baguhin ang hichura ng bagay ay ginawa ng iyong lingkod na si Joab ang lagay na ito: at ang aking panginoon ay pantas ayon sa karunungan ng angel ng Dios, upang malaman ang labat na maa lagay

na nasa lupa. **21** At sinabi ng hari kay Joab: Narito, ngayon, aking ginawa ang bagay na ito: yumaon ka nga, dalhin mo rito ang binatang si Absalom uli. **22** At nagpatitapa si Joab sa lupa, at gumalang, at binasbasan ang hari: at sinabi ni Joab: Ngayon talastas ng iyong lingkod na ako'y nakasumpong ng biyaya sa iyong paningin, panginoon ko, Oh hari, sa paraang pinayagan ng hari ang lingi ng kaniyang lingkod. **23** Sa gayo'y nagbangon si Joab at napaaroon sa Gesur, at dinala si Absalom sa Jerusalem. **24** At sinabi ng hari: Magbalik siya sa kaniyang sariling bahay, ngunit huag tingnan ang aking mukha. Sa gayo'y nagbalik si Absalom sa kaniyang sariling bahay, at hindi nakita ang mukha ng hari.

**25** Sa boong Israel nga'y walang gaya ni Absalom na lalaking maganda, at marapat purihin: mula sa tatampakan ng kaniyang paa hangang sa taktok ng kaniyang ulo, ay walang ipipintas sa kaniya. **26** At pagka kaniyang pinagugupitan ang kaniyang buhok, (sa bawat katapusan nga ng bawa't taon siya ay nagpapagupit: sapagka't mabigat sa kaniya ang buhok, kava't kaniyang ipinagugupit;) kaniyang tintimbang ang buhok ng kaniyang ulo na may dalawang daang siklo, ayong sa timbangang ng hari. **27** At ipinanganak kay Absalom ay tatlong lalaki, at isang babaye, na ang pangala'y Tamar: siya'y isang babaye na may magandang mukha.

**28** At tumahaw si Absalom na dalawang ganap na taon sa Jerusalem; at hindi niya nakita ang mukha ng hari. **29** Ng magkagayo'y ipinasugo ni Absalom si Joab, upang suguin sa hari: ngunit hindi siya napaaroon sa kaniya: at siya'y nagsugo na ikalawa, ngunit siya'y hindi napaaroon. **30** Kava't kaniyang sinabi sa kaniyang mga alipin: Tingnan niyo, ang bukid ni Joab ay malapit sa akin, at siya'y may cebada roon; kayo'y yumaon, at inyong paningasan. At pinaningasan ng mga alipin ni Absalom ang bukid. **31** Ng magkagayo'y nagbangon si Joab, at napaaroon kay Absalom sa kaniyang bahay, at nagsabi sa kaniyang: Bakit pinaningasan ng iyong alipin ang aking bukid? **32** At sinagot ni Absalom si Joab: Narito, aking sinugo sa iyo, na nagsabing: Parito ka ng aking masugokita sa hari, na magsabing: Sa anong kapararalan napaaroon ako sa Gesur? mabuti sa akin na tumagil doon: ngayon



nga'y ipakita mo sa akin ang mukha ng hari; at kung may kasam-an sa akin, patayin niya ako. **33** Sa gayo'y naparoon si Joab sa hari at isinaysay sa kaniya; at ng kaniyang matawag si Absalom, siya'y naparoon sa hari, at yumukod ng kaniyang mukha sa lupa sa harap ng hari: at hinagkan ng hari si Absalom.

**15** At nangyari, pagkatapos nito, na naghandá si Absalom ng isang karro at mga kabayo, at labing limang lalaking tatakbo sa unahan niya. **2** At nagbangon si Absalom na maaga, at tumatayo sa tabi ng daan sa pintuang-daan; at nagkagayon, pagka ang sino mang tawo ay mairroong usap na ilalapit sa hari upang hatulan, na tinatawag nga ni Absalom siya, at sinasabing: ;Taga saang ciudad ka? At kaniyang sinasabing: Ang iyong alipin ay isa sa mga angkan ng Israel. **3** At sinasabi ni Absalom sa kaniyang: Tingnan mo, ang iyong usap ay mabuti at matuid: ngunit walang maging sa iyo sa ganang hari. **4** Sinabi ni Absalom bukod dito: ;Oh naging hukom sana ako sa lupain, ng ang lahat ng tawo na may ano mang usap, o ano mang bagay, pumarito sa akin at siya'y aking nagawan ng matuid! **5** At nagkagayon, pagka ang sino man ay lumalapit upang gumalag sa kaniya, na kaniyang iniuunat ang kaniyang kamay at hinahawakan siya at hinahalikan siya. **6** At ganitong paraan ang ginagawa ni Absalom sa boong Israel na naparoroon sa hari para sa kahatulan: sa gayo'y ginanyak ni Absalom ang mga puso ng mga tawo sa Israel.

**7** At nangyari, sa katapusan ng apat na puong taon, na sinabi ni Absalom sa hari: Isinasamo ko sa iyo na payaonin mo ako at ako'y tumupad ng aking panata na aking ipinanata sa PANGINGON, sa Hebron. **8** Sapagka't ang iyong lingkod ay nanata ng isang panata samantalang ako'y tumatalan sa Gesur sa Siria, na nagsabing: Kung tunay na dadalhin uli ako ng PANGINGON sa Jerusalem, maglilingkod nga ako sa PANGINGON. **9** At sinabi ng hari sa kaniyang: Yumaon kang payapa. Sa gayo'y nagbangon, at naparoon sa Hebron. **10** Ngunit si Absalom ay nagsugo ng mga tiktik sa lahat ng angkan ng Israel, na nagsabing: Pagkarinig ninyo ng tunog ng pakakak, inyo ngang sasabihing: Si Absalom ay hari sa Hebron. **11** At lumabas sa Jerusalem na kasama ni Absalom ay dalawang daang lalaki, na mga inanyayahan,

at naparoon silang walang malay; at wala silang nalalamang ano man. **12** At ipinasugo ni Absalom si Ahitofel na Gilonita, na mangpapayo ni David, mula sa kaniyang ciudad, mula sa Gilo, samantalang siya'y naghahandog ng mga hayin. At mahigpit ang pagbabanta: sapagka't ang bayan na kasama ni Absalom ay dumadami ng dumadami.

**13** At naparoon ang isang sugo kay David, na nagsabing: Ang mga puso ng mga lalaki sa Israel ay sumusunod kay Absalom. **14** At sinabi ni David sa lahat ng kaniyang mga lingkod na nasa kaniya sa Jerusalem: Kayo'y bumangon, at tayo'y tumakas; sapagka't liban sa rito ay walang makatatakas sa akin kay Absalom: magmadali kayo ng pagtakas, baka sa pagmamadali ay abutan tayo, at dalhin ang kasam-an sa akin, at sugatan ang ciudad ng talim ng tabak. **15** At sinabi ng mga lingkod ng hari sa hari: Narito, ang iyong mga lingkod ay handa, na gumawa ng ano man na piliin ng aking panginoon na hari. **16** At lumabas ang hari at ang lahat na kasambahay niya na sumunod sa kaniya. At nag-iwan ang hari ng sampuon babaye, na mga babaye niya, upang mag-ingat ng buhay. **17** At lumabas ang hari at ang boong bayan na kasunod niya; at sila'y nagpahinga sa Beth-merhak. **18** At ang lahat niyang mga lingkod ay dumaan sa siping niya; at ang lahat na Kereteo, at ang lahat na Peleteo, at ang lahat ng Giteo, na anim na raang lalaki na sumunod sa kaniya mula sa Gat, nagpapauna sa hari. **19** Ng magkagayo'y sinabi ng hari kay Itai na Giteo: ;Bakit ikaw ay sumasama rin sa amin? ikaw ay magbalik at tumahan kang kasama ng hari: sapagka't ikaw ay taga ibang lupa at tapon pa; magbalik ka sa iyong sariling lugar. **20** Sa bagay ay kahapon ka lamang dumating ;ay papagpapahik manangin ba kita sa araw na ito, sa bagay ako'y naparoon kung saan saan? magbalik ka, at ibalik mo ang iyong mga kapatid; kaawaan at katotohanan ang sumaiyo. **21** At sumagot si Itai sa hari, at nagsabing: Buhay ang PANGINGON, at buhay ang aking panginoon na hari, tunay na kung saan ang aking panginoon na hari dumoon, maging sa kamatayan o sa kabuhayan ay doroon naman ang iyong alipin. **22** At sinabi ni David kay Itai: Ikaw ay yumaon at magpauna, at si Itai na Giteo ay nagpauna, at ang lahat niyang lala-

ki, at ang lahat na mga bata na kasama niya. **23** At ang boong lupain ay umiyak ng malakas, at ang boong bayan ay nagdadaan; ang hari naman ay nagdadaan sa batis ng Kidron, at ang boong bayan ay nagdadaan, sa daan ng ilang. **24** At, narito, si Zadok naman at ang lahat na mga Levita na kasama niya, na may dala ng kaban ng tipan ng Dios; at kanilang inilapag ang kaban ng Dios, at sumampa si Abiatar, hangang sa ang boong bayan ay nakalabas sa ciudad. **25** At sinabi ng hari kay Zadok: Ibalik mo ang kaban ng Dios sa ciudad: kung ako'y makakasumpung ng biyaya sa mga mata ng PANGINOON, kaniyang ibabalik ako, at ipakikita sa akin ang kaban at gayon din ang kaniyang taharan: **26** nguni't kung sabihin niyang ganito: Hindi kita kinalulugdan; narito, ako'y nandito, gawin niya sa akin ang inaakala niyang mabuti. **27** Sinabi naman ng hari kay Zadok na sacerdote: ? *Hindi ka ba mapagkita? magbalik ka sa ciudad na payapa, at ang iyong dalawang anak na kasama niyong, si Ahimaz na iyong anak, at si Jonatan na anak ni Abiatar.* **28** Tingnan mo, ako'y maghihintay sa mga tawiran sa ilang, hangang sa may dumating na salita na mula sa inyo na magpatotoo sa akin. **29** Dinala nga uli ni Zadok at ni Abiatar ang kaban ng Dios sa Jerusalem: at sila'y tumahan doon.

**30** At sumampa si David sa sampahan sa bundok ng mga Oliwa, at umiyak habang siya'y sumasampa; at ang kaniyang ulo ay may takip, at lumalakad siya na walang suot ang paa: at ang boong bayan na nasa kaniya ay may takip ang ulo ng bawat isa, at sila'y sumasampa, na umiyak habang sila'y sumasampa. **31** At isinaysay ng isa kay David, na sinabing: Si Ahitofel ay nasa mga may banta na kasama ni Absalom. At sinabi ni David: Oh PANGINOON, isinasamo ko sa iyo, na iyong papaging kamangmangan ang payo ni Ahitofel. **32** At nangyari, na ng si David ay dumating sa taluktok ng bundok, na doon niya sinasamba ang Dios, narito, si Husai na Arkita ay sumasalubong sa kaniya, na ang kaniyang suot ay hapak, at may lupa sa kaniyang ulo: **33** at sinabi ni David sa kaniyang: Kung ikaw ay magpatuloy na kasama ko ay magiging isang pasan nga sa akin: **34** nguni't kung ikaw ay magbalik sa ciudad, at sabihin mo kay Absalom: Ako'y magiging iyong alipin. Oh hari: kung paanong ako'y

naging alipin ng iyong ama ng panahong nakaraan, ay gayon magiging iyong alipin ngayon: kung magkagayo'y iyo ngang masasansala ang payo ni Ahitofel sa ikabubuti ko. **35** ? At hindi ba kasama mo doon si Zadok at si Abiatar na mga sacerdote? kawa't mangyayari, na ano mong bagay ang iyong marinig sa bahay ng hari, iyong sasaysayin kay Zadok at kay Abiatar na mga sacerdote. **36** Narito, nasa kanila doon ang kanilang dalawang anak, si Ahimaz na anak ni Zadok, at si Jonatan na anak ni Abiatar; at sa pamamag-itan nila ay inyong mapadadala sa akin ang bawat bagay na inyong marinig. **37** Sa gayo'y si Husai na kabigan ni David ay nasok sa ciudad; at si Absalom ay nasok sa Jerusalem.

**16** At ng si David ay makaraan sa dako pa roon ng kaonti ng taluktok ng bundok, narito, si Ziba na alipin ni Mefiboset ay sinalubong siya, na may handang isang parejeng asno, at sa ibabaw nila ay dalawang daang tinapay, at isang daang kumpul na pasas, at isang daang bunga sa tag-init, at isang balat na sisil-lang alak. **2** At sinabi ng hari kay Ziba: ? Ano ang iyong ibig sabihin sa mga ito? At sinabi ni Ziba: Ang mga asno ay upang sakyan ng kasambahay ng hari; at ang tinapay at ang bunga sa tag-init ay upang makain ng mga binata; at ang alak ay upang mainom ng mapapagod sa ilang. **3** At sinabi ng hari: ? At nandoon ang anak ng iyong panginoon? At sinabi ni Ziba sa haring: Narito, siya'y tumatamban sa Jerusalem: sapagka't kaniyang sinabing: Ngayo'y ibabalik sa akin ang bahay ng Israel, ang kaharian ng aking ama. **4** Ng magkagayo'y sinabi ng hari kay Ziba: Narito, iyo ang boong nauukol kay Mefiboset. At sinabi ni Ziba: Ako'y gumagalang; makasumpung ako ng biyaya sa paningin mo, panginoon ko, Oh hari.

**5** At ng ang hari ay dumarating sa Bahurim, narito, lumalabas na mula doo'y isang lalaki sa kamag-anakan ng bahay ni Saul, na ang pangalan'y Simet, na anak ni Geai: siya'y lumalabas, at nanunumpa habang siya'y lumalabas. **6** At kaniyang hinahagis ng mga bato si David, at ang lahat na lingkod ng haring si David: at ang boong bayan at ang lahat na makapangyarihang lalaki ay nasa kaniyang kanan, at sa kaniyang kaliwa. **7** At ganito ang sinasabi ni Simet ng siya'y nanunumpa: Lumayas ka, lumayas ka, ikaw na

lalaking mabagsik, at lalaki ni Belial: 8 ibinalik sa iyo ng PANGINOON ang boong dugo ng bahay ni Saul, na ang lugar niya ay pinagharian mo; at ibinigay ng PANGINOON ang kaharian sa kamay ni Absalom na iyong anak: at, narito, ikaw ay *nasasabid* sa iyong sariling kasam-an, sapagka't ikaw ay lalaking mabagsik. 9 Ng magkagayo'y sinabi ni Absai na anak ni Zeruaya sa hari: ǃ Bakit manunumpa ang asong patay na ito sa aking panginoon na hari? payaonin mo ako, isinasamo ko sa iyo, at pugutin ang kaniyang ulo. 10 At sinabi ng hari: ǃ Anong ipakikialam ko sa inyo, mga anak ni Zeruaya? Sapagka't siya'y nanunumpa, at sapagka't sinabi ng PANGINOON sa kaniyang: Sumpain mo si David; ǃ sino nga ang magsasabing: ǃ Bakit ka gumawa ng ganiyan? 11 At sinabi ni David kay Absai, at sa lahat niyang mga lingkod: Narito, ang anak ko, na lumabas sa aking tiyan, humahanap ng aking buhay: ǃ gaano pa nga kaya ang gagawin ngayon ng Benjamitang ito? bayaon niyo siya at manumpa siya: sapagka't inutos ng PANGINOON sa kaniya. 12 Marahil ay titingnan ng PANGINOON ang kasam-ang ginagawa sa akin, at papapaging mabuti ng PANGINOON sa akin ang sumpa niya sa akin sa araw na ito. 13 Sa gayo'y nagpatuloy si David at ang kaniyang mga lalaki ng lakad: at si Simei ay yumaon sa tagiliran ng bundok sa tapat niya, at sumusumpa habang siya'y yumayon, at hinahagis ng bato siya, at nanaaboy ng alabok. 14 At ang hari at ang boong bayan na nasa kaniya ay dumating na pagod; at siya'y nagpahinga doon.

15 At si Absalom at ang boong bayan na mga lalaki sa Israel, dumating sa Jerusalem, at si Ahitofel na kasama niya. 16 At nangyari, ng si Husai na Arkita, na kaibigan ni David, ay dumting kay Absalom, na sinabi ni Husai kay Absalom: Mabuhay ang hari, Mabuhay ang hari. 17 At sinabi ni Absalom kay Husai: ǃ Ito ba ang iyong kagandahang-loob sa iyong kaibigan? ǃ bakit hindi ka sumama sa iyong kaibigan? 18 At sinabi ni Husai kay Absalom: Hindi; kungdi kung sinong piliin ng PANGINOON, at ng bayang ito, at ng lahat na lalaki sa Israel, doroon ako, at sa kasamahan poon tataban ako. 19 At umulit, ǃ kanino ako maglilingkod? ǃ hindi ba sa harap ng kaniyang anak? Kung paanong ako'y naglilingkod sa harap ng

iyong ama, ay magiging gayon ako sa iyong harap. 20 Ng magkagayo'y sinabi ni Absalom kay Ahitofel: Magbigay payo kayo kung ano ang ating gagawin. 21 At sinabi ni Ahitofel kay Absalom: Sipingan mo ang mga babaye ng iyong ama, na kaniyang iniwan upang mag-ingat ng bahay; at maririnig ng boong Israel na ikaw ay nakapopoot sa iyong ama: kung magkagayo'y ang mga kamay ng lahat na nasa iyo ay magiging malakas. 22 Sa gayo'y kanilang ipinagladlad si Absalom ng isang dampa sa pulupo ng bahay; at sinipingan ni Absalom ang mga babaye ng kaniyang ama sa panigin ng boong Israel. 23 At ang payo ni Ahitofel, na kaniyang ipinapayo ng mga araw na yaon, ay parang kung ang isang lalaki ay nagsisiyasat sa salita ng Dios: gayong lahat ang payo ni Ahitofel kay David at gayon din kay Absalom.

17 Bukod dito'y sinabi ni Ahitofel kay Absalom: Papiliin mo ako ng labing dalawang libong lalaki, at ako'y magtitindig at aking hahabulin si David sa gabing ito: 2 at ako'y darating sa kaniya samantalang siya'y pagod at may mahinang kamay, at akin siyang panginiging: at ang boong bayan na nasa kaniya ay tatakas; at aking susugatan ang hari lamang: 3 at aking ibabalik sa iyo ang boong bayan: ang lalaki na iyong inuusig ay parang kung ang lahat ay nagbabalik: sa gayo'y ang boong bayan ay mapapayapa. 4 At ang sabi ay nakalugod na mabuti kay Absalom, at sa lahat ng matanda sa Israel.

5 Ng magkagayo'y sinabi ni Absalom: Tawagin mo ngayon si Husai na Arkita naman, at atin namang dingin ang kaniyang sasabihin. 6 At ng si Husai ay dumating kay Absalom, sinalita ni Absalom sa kaniya, na sinabing: Nagsalita si Ahitofel ng ganitong paraan: ǃ Atin bang gaganwin ang ayon sa kaniyang sabi? Kung hindi, magsalita ka. 7 At sinabi ni Husai kay Absalom: Ang payo na ibinigay ni Ahitofel ngayon ay hindi mabuti. 8 Sinabi ni Husai bukod sa rito: Iyong kilala ang iyong ama at ang kaniyang mga lalaki, na sila'y makpangyarihang lalaki at sila'y mapait sa kanilang mga pag-iisip na parang isang oso na ninakawan sa parang ng kaniyang mga anak: at ang iyong ama ay lalaki na pangbaka, at hindi tataban sa kasama ng bayan. 9 Narito, siya'y nagkukubli ngayon sa isang hukay o sa ibang lugar: at

mangyari, pagka ang ilan sa kanila ay nabual sa pasimula, sino mang makarinig ay mag-asabing: May patayan sa bayan na sumusunod kay Absalom. **10** At pati ang matapang, na ang puso niya ay parang puso ng leon, ay lubos na matutumaw: sapagka't kilala ng boong Israel na ang iyong ama ay makapangyarihang lalaki, at sila na nasa kaniya mga matapang na lalaki. **11** Ngunit aking ipinapayo na ang boong Israel ay mapisan sa iyo, mula sa Dan hangang sa Beer-seba, na parang buhangin na nasa tabi ng dagat ang dani, at ikaw ay pumaroon sa pagbabaka ng iyong ariling pagkatawo. **12** Sa gayo'y tayo'y darating sa kaniya sa ibang lugar na kaniyang kinaroroonan, at tayo'y babagsak sa kaniya na parang hamog na nalalaglag sa lupa: at sa kaniya at sa lahat ng lalaki na nasa kaniya ay hindi tayo mag-iwan kahi't isa. **13** Bukod dito'y kung siya'y umurong sa isang ciudad, ang boong Israel ay magdadala nga ng mga tali sa ciudad na yaon, at ating babatakin sa ilog, hangang sa walang masumpungan doon kahi't isang maliit na bato. **14** At si Absalom at ang lahat na lalaki sa Israel ay nagsabing: Ang payo ni Husai na Arkita ay mabuti kay sa payo ni Ahitofel. Sapagka't ipinasiya ng PANGINOON na masasala ang mabuting payo ni Ahitofel, upang dalhin ang kasaman kay Absalom ng PANGINOON.

**15** Ng magkagayo'y sinabi ni Husai kay Zadok at kay Abiatar na mga sacerdote: Ganito't ganito, ang ipinayo ni Ahitofel kay Absalom at sa mga matanda sa Israel: at ganito't ganito ang aking ipinayo. **16** Ngayon nga'y magsugo kang madali, at sagsayin kay David, na sabihing: Huag kang tumigil ng gabing ito sa mga tawiran sa ilang, kungdi sa ano mang paraan ay magdaan ka; baka ang hari ay mapatay at ang boong bayan na nasa kaniya. **17** Si Jonatan at si Ahimaaz nga ay tumigil sa siping ng En-rogel; at isang alilang babaye ang pinaparaan at pinapagsaysay sa kanila; at sila'y napaaroon, at isinaysay sa haring kay David: sapagka't sila'y hindi makapakitang masuk sa ciudad. **18** Ngunit makita sila ng isang bata, at nagsaysay kay Absalom: at sila'y kapua lumabas na nagmadali, at sila'y pumaroon sa bahay ng isang lalaki sa Bahurim, na may isang balon sa kaniyang looban; at sila'y lumaba doon. **19** At ang babaye ay kumaha ng isang

panakip at inilatag sa buongnga ng balon, at hinasikan ng mga dinurog na trigo; at walang bagay na nalaman. **20** At ang mga alipin ni Absalom ay dumating sa babaye sa bahay; at kanilang sinabing: Saan nandoon si Akimaaz at si Jonatan? At sinabi ng babaye sa kanilang: Sila'y nagdaan sa batis ng tubig. At ng kanilang hanapin at hindi nila masumpungan, sila'y nagbalik sa Jerusalem. **21** At nangyari, pagkatapos na sila'y makaalis, na sila'y lumabas sa balon, at yumaon at isinaysay sa haring kay David: at kanilang sinabi kay David: Kayo'y magbangon, at magdaang madali sa tubig: sapagka't ganito ang ipinayo ni Ahitofel laban sa inyo. **22** Ng magkagayo'y nagbangon si David, at ang boong bayan na nasa kaniya, at sila'y nagdaan ng Jordan; sa pagbubukang liwayway ay walang naiwan kahi't isa sa kanila na hindi dumaaon ng Jordan. **23** At ng makita ni Ahitofel na ang kaniyang payo ay hindi sinunod, kaniyang inihanda ang kaniyang asu, at nagbangon, at umowi siya sa bahay, sa kaniyang ciudad at kaniyang inayos ang kaniyang bahay, at nagbigti; at siya'y namatay, at malibing sa libingan ng kaniyang ama. **24** Ng magkagayon ay napaaroon si David sa Mahanaim. At si Absalom ay nagdaan ng Jordan, siya at ang lahat na lalaki sa Israel na kasama niya. **25** At inilagay ni Absalom si Amasa sa hukbo na kahalili ni Jeab. Si Amasa nga ay anak ng isang lalaki na ang pangalan ay Itra, na Israelita, na sumiping kay Abigail na anak na babaye ni Nahas, kapatid ni Zeruaya, na ina ni Jeab. **26** At ang Israel at si Absalom ay tumayo sa lupain ng Gilead. **27** At nangyari, ng si David ay dumating sa Mahanaim, na si Subi na anak ni Nahas na taga Rabba sa nga anak ni Amnon, at si Makir, na anak ni Amiel na taga Ledeban, at si Barzillai na Gileadita na taga Begeim, **28** nagdala ng mga hihigan, at mga malaking tasa, at mga sisidlang lupa, at trigo, at cebada, at harina, at *bull* na sinanggag at bulas, at lentengas, at *gardanos* na sinanggag, **29** at jabat at mantekilla, at mga tupa, at leon ng laka para kay David, at para sa bayan na nasa kaniya, upang kanin; sapagka't kanilang sinasabing: Ang bayan ay gutom, at pagod, at uhaw sa ilang.

**18** At binilang ni David ang bayan na nasa kaniya, at naglagay ng mga puno ng mga lilibuhin, at puno ng mga

dadaanin sa kanila. **2** At pinawaon ni David ang bayan, ang isang ikatlong bahagi ay nasa kamay ni Joab, at ang isang ikatlong bahagi ay nasa kamay ni Abisai na anak ni Zeruya, na kapatid ni Joab, at ang ikatlong bahagi ay nasa kamay ni Itai na Giteo. At sinabi ng hari sa bayan: Walang pagsalang ako'y lalabas na kasama ninyo. **3** Ngunit sinabi ng bayan: Ikaw ay hindi lalabas: sapagka't kung kami man ay tumakas, sila'y magwawalang bahala sa amin, o kung ang kalahati man namin ay mamatay, sila'y hindi mag-iingat sa amin: ngunit ikaw ay may halagang sampuonng libo sa amin: kaya't ngayoy maigi na ikaw ay maghanda na iyong saklolohan kami mula sa ciudad. **4** At sinabi ng hari sa kanilang: Kung ano ang inakala ninyong mabuti ay aking gagawin. At ang hari ay tumayo sa tabi ng tagiliran ng pintuang-daan, at ang boong bayan ay lumalabas na daan daan at libolibo. **5** At ang hari ay nag-utos kay Joab at kay Abisai, at kay Itai, na nagsabing: Inyong gamitan ng kaawaan, alang-alang sa akin ang binata, si Absalom. At narinig ng boong bayan ng ipagbibilin ng hari sa lahat ng kapitan ang tungkol kay Absalom. **6** Sa gayo'y lumabas ang bayan sa parang laban sa Israel: at ang pagbabaka ay nasa gubat ng Efraim. **7** At ang bayan ng Israel ay nasugatan doon sa harap ng mga lingkod ni David, at nagkaroon ng malaking patayan doon ng araw na yaon, na may dalawang puong libong lalaki. **8** Sapagka't doon ang pagbabaka ay nakalat sa balat ng boong lupain: at ang gubat ay lumamon ng higit na bayan ng araw na yaon kay sa nilamon ng tabak. **9** At nakasagupa ni Absalom ang mga lingkod ni David. At si Absalom ay nakasaktay sa kaniyang mula, at ang mula ay nagdaan sa ilalim ng mayabong na mga sanga ng isang malaking encina, at ang kaniyang ulo ay nasabit sa encina, at siya'y napasa pag-itan ng langit at lupa; at ang mula na nasa ilalim niya ay nagpatuloy. **10** At nakita siya ng isang lalaki at isinaysay kay Joab, at sinabing: Narito, aking nakita si Absalom na nakabitin sa isang encina. **11** At sinabi ni Joab sa lalaking nagsaysay sa kaniya: At, narito, iyong nakita, at, bakit hindi mo sinugatan doon sa lupa? at nabigyan sana kita ng sampuonng *pirasong* pilak, at isang pamigkis. **12** At sinabi ng lalaki kay Joab: Baga man ako'y tatanggap ng

isang libong *pirasong* pilak sa aking kamay, gayon may hindi ko iunat ang aking kamay laban sa anak ng hari: sapagka't sa aming pagkarinig ng biliin ng hari sa iyo, at kay Abisai, at kay Itai, na sinabing: Ingatau ninyo na huag galawin uino man ang binatang si Absalom. **13** Sa ibang paraan, kung ako'y gumawa ng paglililo laban sa kaniyang buhay, (at walang bagay na makukubli sa hari,) ikaw man sa iyong sarili ay lalaban sa akin. **14** Ng magkagayo'y sinabi ni Joab: Hindi ako makatitigil ng ganito sa iyo. At siya'y kumuha ng tatlong pamana sa kaniyang kamay at mga ipinako sa puso ni Absalom, samantalang siya'y buhay sa gitna ng encina. **15** At sampuonng binata na tagadala ng sukbat ni Joab ay kumulong at sinugatan si Absalom, at pinatay siya. **16** At hinipan ni Joab ang pakakak, at ang bayan ay nagbalik na mula sa paghabol sa Israel: sapagka't pinigil ni Joab ang bayan. **17** At kanilang kinuha si Absalom at inihagis nila siya sa malaking hukay sa gubat, at ipinatong sa kaniya ay isang napakaraming bato: at ang boong Israel ay tumakas baw't isa sa kaniyang dampa. **18** Si Absalom nga sa kaniyang kabuhayan ay ipinagpasiya at ipinagtayo niya siya ng haligi, na nasa libis ng hari: sapagka't kaniyang sinasabing: Wala akong anak na mag-iingat ng alaala ng aking pangalan: at kaniyang tinawag ang haligi ng ayon sa kaniyang sariling pangalan: at tinatawag na monumento ni Absalom, hangang sa araw na ito.

**19** Ng magkagayo'y sinabi ni Ahimaaz na anak ni Zadok: Patakbuhin mo ako ngayon, at magdala ng balita sa hari, kung paanong iginati siya ng PANGINOON sa kaniyang mga kaaway. **20** At sinabi ni Joab sa kaniyang: Hindi ikaw ang magiging tagapagdala ng balita sa araw na ito: kungdi ikaw ay magdadala ng balita sa ibang araw: ngunit sa araw na ito ay hindi ka magdadala ng balita, sapagka't ang anak ng hari ay namatay. **21** Ng magkagayo'y sinabi ni Joab sa Kusita: Yumaon ka na saysayin mo sa hari kung ano ang iyong nakita. At ang Kusita ay yumukod kay Joab, at tumakbo. **22** Ng magkagayo'y nagsabi pa uli si Ahimaaz na anak ni Zadok kay Joab: Ngunit sa ano mang kahinatnan, isinasamo ko sa iyo, na ako naman ay iyong patakbuhin na kasunod ng Kusita. At sinabi ni Joab: Bakit tatakbo ka anak

ko, sa bagay ay wala kang mapapala ng dahil sa balita? **23** Ngunit sa ano mang kabinatnan, *wika niya*, ako'y tatakbo. At sinabi niya sa kaniyang: Tumakbo ka. Ng magkugayo'y tumakbo si Ahimaaz sa daan ng Kapatagan, at nagpuuna sa Kusita.

**24** Si David nga ay nakaupo sa pag-itap ng dalawang pintuang-daan: at ang bantay ay sumampa sa taluktok ng pintuang-daan, sa kata, at itinanaw ang kaniyang mga mata, at tumungin, at, narito, isang lalaki ay tumatakbong nag-iisa. **25** At sumigaw ang bantay, at isinaysay sa hari. At sinabi ng hari: Kung siya'y nag-iisa, may balita sa kaniyang bibig. At siya'y nagpapatuloy at lumalapit. **26** At ang bantay ay nakakita ng ibang lalaki na tumatakbo: at tinawag ng bantay ang tanod-pinto, at sinabing: Narito, *na ibang* lalaki ay tumatakbong nag-iisa. At sinabi ng hari: Siya'y nagdudala rin ng balita. **27** At sinabi ng bantay: Inaakala ko na ang takbo ng una ay gaya ng takbo ni Ahimaaz na anak ni Zadok. At sinabi ng hari: Siya'y mabuting lalaki at napariritong may mabuting balita. **28** At tumawag si Ahimaaz at nagsabi sa haring: Lahat ay mabuti. At siya'y nagpatirapa sa lupa sa harap ng hari, at nagsabing: Purihin ang PANGINOONG iyong Dios, na ibinigay ang mga lalaki na nagsipagtaas ng kanilang kamay laban sa aking panginoon na hari. **29** At sinabi ng hari: ?Payapa ba ang binatang si Absalom? At sumagot si Ahimaaz: Ng suguin ni Joab, ang alipin ng hari, ako na iyong alipin: ako'y nakakita ng isang malaking pagkakagulo, ngunit hindi ko nalalaman kung ano. **30** At sinabi ng hari: Pumihit ka, tumayo ka rito. At siya'y pumihit at tumayo. **31** At, narito, ang Kusita ay dumating; at sinabi ng Kusita: Balita para sa aking panginoon na hari: sapagka't iginanti ka ng PANGINOON ng araw na ito doon sa lahat na nagtindig laban sa iyo. **32** At sinabi ng hari sa Kusita: ?Payapa ba ang binatang si Absalom? At sumagot ang Kusita: Ang mga kaaway ng aking panginoon na hari, at yaong lahat na nagtindig laban sa iyo upang gawan ka ng masama ay maging para ng binatang yaon. **33** At ang hari ay nagulomihanap, at sumampa sa silid na nasa ibabaw ng pintuang-daan, at umiyak: at habang siya'y yumayaon, ganito ang sinasabi niya: !Oh anak kong Absalom, anak

ko, anak kong Absalom! !pinatay sana ako ng Dios sa lugar, mo Oh Absalom na anak ko, anak ko!

**19** At nasaysay kay Joab: Narito, ang hari ay tumatangis at nananaulaw dahil kay Absalom. **2** At ang pagtatagumpay ng araw na yaon ay naging kapaliwan sa boong bayan: sapagka't narinig ng bayan na sinasabi ng araw na yaon: Ang hari ay nagdadalamhati dahil sa kaniyang anak. **3** At ang bayan ay nasok na patago ng araw na yaon sa ciudad, na gaya ng pagpasok ng bayang napapahiya pagka tumatakas sa pagbabaka. **4** At tinakpan ng hari ang kaniyang mukha, at ang hari ay sumigaw ng malakas na voces: !Oh anak kong Absalom, Oh Absalom, anak ko, anak ko! **5** At pumasok si Joab sa bahay, sa hari, at nagsabing: Iyong hiniya sa araw na ito ang mga mukha ng lahat na iyong lingkod na nagligtas sa araw na ito ng iyong buhay, at ng mga buhay ng iyong mga anak na lalaki at babaye, at ng buhay ng iyong mga asawa, at ng mga buhay ng iyong mga babaye; **6** sa iyong pag-ibig sa mga napopoot sa iyo, at pagkapoot sa mga umiibig sa iyo. Sapagka't iyong inihayag sa araw na ito, na ang mga pangulo at mga lingkod ay walang ano man sa iyo: sapagka't aking inaakala sa araw na ito, na kung si Absalom ay nabuhay, at tayong lahat ay namatay sa araw na ito, ay nakapagpalugod na mabuti sa iyo. **7** Ngayon nga'y maghangan ka, ikaw ay lumabas, at magsalita na may kagandahang-loob sa iyong mga lingkod: sapagka't aking isinusumpa sa *pangalan ng* PANGINOON, kung ikaw ay hindi lumabas, ay walang matitira sa iyong isang tawo sa gabing ito: at iya'y magiging masama sa iyo kay sa lahat ng kasam-an na sumapit sa iyo mula sa iyong kabataan hangau ngayon.

**8** Ng magkagayo'y tumindig ang hari, at naupo sa pintuang-daan. At kanilang isinaysay sa boong bayan, na sinabing: Narito, ang hari ay nakaupo sa pintuang-daan: at ang boong bayan ay naparoon sa harap ng hari.

Tumakas nga ang Israel bawa't isa sa kaniyang dampas. **9** At ang boong bayan ay nasa pagtatalo sa lahat ng angkan ng Israel, na sinabing: Iniligtas tayo ng hari sa kamay ng ating mga kaaway; at iniligtas niya tayo sa kamay ng mga Filiisteo; at ngayon'y kaniyang tinakasan si Absalom sa lupain. **10** At si Absalom

na ating hinirang *upang maging hari* sa atin ay namatay sa pagbabaka. Ngayon nga'y ; Bakit hindi kayo nagsasalita ng isang salita sa pagkabalik ng hari?

**11** At nagsugo ang haring si David kay Zadok at kay Abiatar na mga sacerdote, na sinabing; Kayo'y magsalita sa mga matauda sa Juda, na magsabing: ; Bakit kayo ang huli sa pagbabalik sa hari sa kaniyang bahay? sa bagay ang talumpati ng boong Israel ay dumating sa hari, *upang ibalik siya* sa kaniyang bahay.

**12** Kayo'y aking mga kapatid, kayo'y aking buto at aking laman: ; bakit nga kayo ang huli ng pagbabalik sa hari? **13** At sabihin ninyo kay Amasa: ; Hindi ka ba aking buto at aking laman? Gawing gayon ng Dios sa akin, at lalo na, kung ikaw ay hindi maging kapitan ng mga hukbo na palagi sa harap ko na kahalili ni Joab. **14** At kaniyang ikiniling ang puso ng lahat ng mga lalaki ng Juda, na parang *puso ng isang tawo*; na ano pa't sila'y nagsugo sa hari, na nagsabing: Ikaw ay magbalik, at ang lahat ng iyong mga lingkod. **15** Sa gayo'y nagbalik ang hari, at naparoon sa Jordan. At ang Juda ay naparoon sa Gilgal, upang salubungin ang hari, upang idaan ang hari sa Jordan.

**16** At si Simei na anak ni Gera, na Benjamita, an taga Bahurim, nagmadali at bumaba na kasama ang mga lalaki ng Juda upang salubungin ang haring si David, **17** At may isang libong lalaki ng Benjamin an kasama siya, at si Ziba, na alipin sa bahay ni Saul, at ang kaniyang labing limang anak at ang kaniyang dalawang puong alipin na kasama niya; at sila'y nagdaan sa Jordan sa harap ng hari. **18** At may tawiran naman upang tawiran ng kasambahay ng hari, at gawin ang inaakalang mabuti. At si Simei na anak ni Gera ay nagpatirapa sa harap ng hari, ng siya'y makaraan sa Jordan. **19** At sinabi niya sa haring: Huag bintangan ng kasaman ako ng aking panginoon, o alalahanin man ang ginawa na may kalikuan ng iyong alipin ng araw na ang aking panginoon na hari ay lumabas sa Jerusalem, upang isapuso ng hari. **20** Sapagka't nalalaman ng iyong alipin na ako'y nagkasala: kaya't, narito ako'y naparirito sa araw na ito, na una sa lahat ng bahay ni Jose upang bumabang salubungin ang aking panginoon na hari. **21** Nguni't si Abisai na anak ni Zeruaya ay sumagot, at nagsabing: ; Hindi ba papatayin si

Simei dahil dito, sapagka't kaniyang sinumpa ang pinahiran ng langis ng PANGINOON? **22** At sinabi ni David: ; Ano ang ipakikialam ko sa inyo, mga anak ni Zeruaya, na kayo'y magiging mga kaaway ko sa araw na ito? ; may sino man bang papatayin sa araw na ito sa Israel? ; sapagka't di ko ba talastas na ako'y hari sa araw na ito sa Israel? **23** At sinabi ng hari kay Simei: Ikaw ay hindi mamamatay. At ang hari ay sumumpa sa kaniya.

**24** At si Mefiboset na anak ni Saul ay bumaba na sinalubong ang hari; at kailan ma'y hindi niya ginupitan ang kuko ng kaniyang mga paa, o inayos man ang kaniyang balbas, o nilabhan man ang kaniyang mga suot, mula ng araw na ang hari ay umalis hangang ng araw na siya'y umowi sa bahay na payapa. **25** At nangyari, ng siya'y dumating sa Jerusalem upang salubungin ang hari, na sinabi ng hari sa kaniyang: ; Bakit hindi ka yumaong kasama ko, Mefiboset? **26** At siya'y sumagot: Panginoon ko, Oh hari, dinaya ako ng aking alipin: sapagka't sinabi ng iyong alipin: Ako'y maghahanda ng isang asno, upang aking masakyan, at yumaong kasama ng hari; sapagka't ang iyong alipin ay pilay. **27** At kaniyang bibitangan ang iyong alipin sa aking panginoon na hari; nguni't ang panginoong kong hari ay parang isang angel ng Dios: gawin mo nga kung ano ang mabuti sa iyong mga mata. **28** Sapagka't *bagay man* ang boong bahay ng aking ama ay mga patay na lalaki lamang sa harap ng panginoong kong hari: gayon ma'y inilagay mo ang iyong alipin sa kasamahan ng mga kumakain sa iyong sarilingdulang. ; Ano pa ngang matuid mairoon ako, na aking maisisigaw pa sa hari? **29** At sinabi ng hari sa kaniyang: ; Bakit nagsasalita ka pa ng iyong mga bagay? Aking sinasabing: Ikaw at si Ziba ay naghahati ng lupa. **30** At sinabi ni Mefiboset sa hari: Oo, ipakuha mo sa kaniyang lahat, sa paraang ang aking panginoon na hari ay dumating na payapa sa kaniyang sariling bahay.

**31** At si Barzillai na Gileadita ay bumaba mula sa Rogelim; at siya'y nagdaan ng Jordan na kasama ang hari, upang ihatid niya siya sa dako roon ng Jordan. **32** Si Barzillai nga ay lalaking matanda ng totoo, na walong puong taon: at kaniyang ipinaghalda ang hari ng pagkain samantalang siya'y nasa Maha-

namin; sapagka't siya'y totoong malaking tawo. **33** At sinabi ng hari kay Barzilai: Magdaan kang kasama ko, at aking pakakanin kita na kasama ko sa Jerusalem. **34** At sinabi ni Barzilai sa hari: Gaano na lamaag ang mga araw ng mga taon ng aking buhay, na ako'y sumampa na kasama ng hari sa Jerusalem? **35** Ako sa araw na ito'y may walong puong taon: ¿makapupuna pa ba ako ng maibuti at masama? ¿malalalahan pa ba ng iyong alipin ang aking kinakain at iminom? ¿maririnig ko pa ba ang voces ng mang-aawit na lalaki at babaye? ¿bakit pa nga magiging isang pasan ang iyong alipin sa aking panginoon na hari? **36** Ang iyong alipin ay yayaon na lamang ng kaunti sa dako roon ng Jordan na kasama ng hari: ¿at bakit gagantihin ng hari ako ng ganiyang kagantihan? **37** Isinasamo ko sa iyo na pabalikin mo ang iyong alipin, upang ako'y maunatay sa aking sariling ciudad, sa siping ng libingan ng aking ama at ng aking ina. Ngunit, narito, ang iyong aliping si Kimam: dumaan siya na kasama ng aking panginoon na hari; at gawin mo sa kaniya, kung ano ang mamabutihin mo sa iyo. **38** At sumagot ang hari: Si Kimam ay daraang kasama ko, at gagawin ko sa kaniya ang aakalaing kong maibuti sa iyo: at ayo mang iyong ipagbilin sa akin ay aking gagawin sa iyo. **39** At ang boong bayan ay nagdaan ng Jordan, at ang hari ay nagdaan: at hinagkan ng hari si Barzilai, at binasbasan siya; at siya'y nagbalik sa kaniyang sariling lugar.

**40** Sa gayo'y nagdaan ang hari ng Gilgal, at si Kimam ay nagdaan na kasama niya: at sinasamahan ng boong bayan ng Juda ang hari, at ng kalahati naman ng bayan ng Israel. **41** At, narito, ang lahat ng mga lalaki ng Israel ay naparoon sa hari, at nagsabi sa hari: ¿Bakit patago na kinuha ka ng aming mga kapatid na mga lalaki ng Juda, at idinaan ang hari at ang kaniyang kasambahay sa Jordan, at ang lahat na mga lalaki ni David na kasama niya? **42** At ang lahat na lalaki ng Juda ay sumagot sa mga lalaki ng Israel: Sapagka't ang hari ay kamag-anak na malapit namin: ¿bakit nga kayo magagalit dahil sa bagay na ito? ¿kumain ba kami ng ano man ng gugol ng hari? ¿o binigyan ba niya kami ng ano mang kaloob? **43** At ang mga lalaki sa Israel ay sumagot sa mga lalaki sa Juda, at nagsabing: Kami ay may

sampuong bahagi sa hari, at kami ay may higit na *matuul* kay David kay sa inyo: ¿bakit nga inyong niwalan ng kabuluhan kami, na ang aming payo'y hindi siyang una sa pagbabalik sa aming hari? At ang mga salita ng mga lalaki sa Juda ay mabagsik kay sa mga salita ng mga lalaki sa Israel.

**20** At doo'y nangyari, na may isang lalaki ni Belial, na ang pangala'y Seba, na anak ni Bikri, na Benjamita: at kaniyang hinipan ang pakakak, at nagsabing: Kami ay walang bahagi kay David, o ano mang mana sa anak ni Jesse: baw't tawo ay sa kaniyang mga dampa, Oh Israel. **2** Sa gayo'y ang lahat ng Israel ay sumampa na mula sa pagsunod kay David, at sumunod kay Seba na anak ni Bikri: ngunit ang mga anak ni Juda ay nagsasamit sa kaniyang hari, mula sa Jordan hangang sa Jerusalem.

**3** At dumating si David sa kaniyang bahay sa Jerusalem; at kinuha ng hari ang sampuung babaye na kaniyang mga babaye, na siyang mga iniwan niya upang mag-ingat ng bahay, at nga inilagay sa pagbabantay, at nga hinandaan sila ng pagkain, ngunit hindi sumiping sa kanila. Sa gayo'y nasarhan sila hangang sa araw ng kanilang kamatayan, na nabuhay sa pagkaba.

**4** Ng magkagayo'y sinabi ng hari kay Amasa: Pisanin mo sa akin ang mga lalaki sa Juda sa loob ng tatlong araw, at humarap ka rito. **5** Sa gayo'y tinawag ni Amasa ang mga sa Juda na magkakasama: ngunit siya'y nagluat kay sa panahong takda na kaniyang itinakda sa kaniya. **6** At sinabi ni David kay Abisai: Gagawa nga si Seba na anak ni Bikri ng lalong masama kay sa ginawa ni Absalom: kunin mo ngayon ang mga lingkod ng iyong panginoon, at habulin niyo siya, baka siya'y makaagap ng mga ciudad na nakukutaan, at makataanan sa ating paniugan. **7** At lumabas na sumunod sa kaniya ang mga lalaki ni Joab, at ang mga Kereteo at ang mga Peleteo, at ang lahat na makapangyarihang lalaki: at sila'y lumabas sa Jerusalem, na humabol kay Seba na anak ni Bikri. **8** Ng sila'y nasa malaking bato na nasa Gibeon si Amasa ay sumalubong sa kanila. At si Joab ay natibigkisan ng kaniyang suot na pangbaka na kaniyang isinuot, at sa ibabaw noon ay ang pamigkis na may tabak na sukat sa kaniyang mga balakang sa kaniyang kaloban; at habang siya'y



lumalabas ay nahulog. **9** At sinabi ni Joab kay Amasa: ¿Mabuti ba sa iyo, kapatid ko? At hinawakan ni Joab si Amasa sa balbas ng kaniyang kanang kamay upang hagkan niya siya. **10** Nguni't si Amasa ay hindi nag-ingat sa tabak na nasa kamay ni Joab: sa gayo'y sinugatan siya sa tiyan, at lumua ang kaniyang bituka sa lupa, at hindi na siya inulit pa; at siya'y namatay. At si Joab at si Abisai na kaniyang kapatid ay humabol kay Seba na anak ni Bikri. **11** At tumayo sa siping ng *bangkay* ang isa sa mga bataan ni Joab, at nagsabing: Siyang nagpapabuti kay Joab at siyang *nagpapabuti* kay David, ay sumunod kay Joab. **12** At si Amasa ay nagugumon sa kaniyang dugo sa gitna ng maluang na daan. At ng makita ng lalaki na ang boong bayan ay nakatayong natitigil, kaniyang dinala si Amasa mula sa maluang na daan hangang sa parang, at hinagisan siya ng isang kasuotan, ng kaniyang makita na bawa't dumating sa siping niya ay tumitigil. **13** Ng siya'y umaalis sa maluang na daan, ang boong bayan ay nagpatuloy na sumunod kay Joab, upang habulin si Seba na anak ni Bikri. **14** At si Joab ay naparoon sa lahat ng angka ng Israel, sa Abel, at sa Bet-maaka, at ang lahat na Berita: at sila'y napsan at yumaon namang kasunod niya. **15** At sila'y dumating at kinulong nila siya sa Abel ng Bet-maaka, at sila'y nagtindig ng isang bundok laban sa ciudad, at tumayo laban sa kuta: at sinasaksak ng boong bayan na nasa kay Joab ang kuta, upang ibual. **16** Ng magkagayo'y sumigaw ang isang pantas na babaye sa ciudad: Dingin ninyo, dingin ninyo: isinasamo ko sa inyo na inyong sabihin kay Joab: Lumapit ka rito, na ako'y makapagsalita sa iyo. **17** At siya'y lumapit sa kaniya, at sinabi ng babaye: ¿Ikaw ba'y si Joab? At siya'y sumagot: Ako nga. Ng magkagayo'y sinabi niya sa kaniyang: Dingin mo ang mga salita ng iyong alipin. At siya'y sumagot: Aking dimidinig. **18** Ng magkagayo'y siya'y nagsalita, na nagsabing: Sinasalita sa mga dating panahon, na sinabing: Sila'y walang pagsalang hihingng *payo* sa Abel; at gayon nila tinapes *ang usap*. **19** Ako'y doon sa mga tahimik at tapat sa Israel: ikaw ay nagsisikap na gumiba ng isang ciudad at ng isang ina sa Israel: ¿bakit ibig mong lamunin ang mana ng PANGINOON? **20** At si Joab ay sungot, at nagsabing:

Malayo, malayo sa akin, na aking lamunin o gibain. **21** Ang usap ay hindi gayon: kungdi ang isang lalaki na sa lupaing maburot ng Efraim, si Seba na anak ni Bikri ang pangalau, nagtaas ng kaniyang kamay laban sa hari, laban kay David: ibigay mo lamang siya sa *akin*, at aking ihiliwalay sa ciudad. At sinabi ng babaye kay Joab: Narito, ang kaniyang ulo ay mahahagis sa iyo sa kuta. **22** Ng magkagayo'y ang babaye ay naparoon sa boong bayan sa kaniyang karunungan. At kanilang pinugot ang ulo ni Seba na anak ni Bikri, at inihagis kay Joab. At kaniyang hinipan ang pakakak at sila'y nalausag mula sa ciudad, bawa't tawo ay sa kaniyang dampo. At si Joab ay nagbalik sa Jerusalem sa hari.

**23** Si Joab nga ay nasa boong hukbo ng Israel: at si Benaya na anak ni Joiada ay nasa mga Kereteo at sa mga Peleteo: **24** at si Adoram ay nasa buisan at si Josafat na anak ni Ahilud ay tagapag-palaala: **25** at si Seva ay kalihim: at si Zadok at si Abiatar ay mga sacerdote: **26** at si Ira naman na Jaireo ay sacerdote kay David.

**21** At nagkaroon ng kagutom sa mga araw ni David taon taon, na tatlong taon; at hinanap ni David ang mukha ng PANGINOON. At sinabi ng PANGINOON: Dahil kay Saul, at dahil sa kaniyang mabagsik na bahay, sapagka't kaniyang pinatay ang mga Gibeonita. **2** At tinawag ng hari ang mga Gibeonita at sinabi sa kanilang: (ang mga Gibeonita nga ay hindi sa mga anak ng Israel, kungdi sa nalabi sa mga Amorreo; at ang mga anak ng Israel ay sumumpa sa kanila: at pinagsikapan ni Saul na patayin sa kaniyang sikap dahil sa mga anak ng Israel at Juda.) **3** at sinabi ni David sa mga Gibeonita: ¿Ano ang gagawin ko sa inyo? ¿at ano ang itutubos ko, upang inyong basbasan ang mana ng PANGINOON? **4** At sinabi ng mga Gibeonita sa kaniyang: Hindi bagay ng pilak o ginto sa amin at kay Saul, o sa kaniyang bahay; kahi't sa amin ang pumatay ng sino mang tawo sa Israel. At kaniyang sinabing: ¿Ano ang inyong sasabihin, na aking gagawin sa inyo? **5** At kanilang sinabi sa hari: Ang lalaki na pumupuguaw sa amin, at yaong kumakatha laban sa amin, *upang* kami ay malipol sa pagtahan sa alin man sa mga hanganan ng Israel, **6** ibigay sa amin ang pito sa kaniyang mga anak, at aming ibibitin sa PANGI-

NOON sa Gibeá ni Saul na pili ng PANGINOON. At sinabi ng hari: Aking ibibigay sila. 7 Ngunit ang hari ay nahabag kay Mefiboset na anak ni Jonatan na anak ni Saul, dahil sa sumpa ng PANGINOON na namamag-itan sa kanila, kay David at kay Jonatan na anak ni Saul. 8 Ngunit kinuha ng hari ang dalawang anak ni Rizpa, na anak ni Aya, na kaniyang ipinanganak kay Saul, si Armoni at si Mefiboset; at ang limang anak ni Mikal na anak na babaye ni Saul na kaniyang ipinanganak kay Adriel na anak ni Barzillai, na Meholatita. 9 At mga ibinigay niya sa mga kamay ng mga Gibeonita at mga ibinitin nila sa bundok sa harap ng PANGINOON, at nabual ang pito na magkakasama: at sila'y pinatay sa mga kaarawan ng pag-aani, sa mga unang araw, sa pasinula ng pag-aani ng cebada. 10 At kumuha si Rizpa na anak ni Aya ng isang magaspang na kayong damit, at itinalukbong niya sa kaniya sa ibabaw ng bato ng bundok, mula sa pasimula ng pag-aani hangang sa ang tubig ay nabuhos sa mga yaon na mula sa langit; at hindi niya tinis na magpahinga sa mga yaon, sa araw kahit ang mga ibon sa himpapawid, o ang mga hayop man sa parang sa gabi. 11 At nasasay kay David ang ginawa ni Rizpa na anak ni Aya, na babaye ni Saul. 12 At yumaon at kinuha ni David ang mga buto ni Saul at ang mga buto ni Jonatan na kaniyang anak sa mga lalaki sa Jabes-gilead, na siyang mga kumuha sa daan ng Bet-san, na doon mga binigti ng mga Filisteo, ng araw na patayin ng mga Filisteo si Saul sa Gilboa: 13 at kaniyang isinampa mula roon ang mga buto ni Saul at ang mga buto ni Jonatan na kaniyang anak; at kanilang pinisan ang mga buto ng mga ibinitin. 14 At kanilang ibinaon ang mga buto ni Saul at ni Jonatan na kaniyang anak sa lupain ng Benjamin sa Zela, sa libingan ni Kis na kaniyang ama: at kanilang tinupad yaong lahat na iniutos ng hari. At pagkatapos ang Dios ay napadalangin sa lupain.

15 At ang mga Filisteo ay nagkaroon ng pakikipagbaka uli sa Israel; at si David ay bumaba, at ang kaniyang mga lingkod na kasama niya, at bumaka laban sa mga Filisteo: at si David ay napagod. 16 At si Isbi-benob, na sa mga anak ng higante, na ang bigat ng sibat niya ay tatlong daang siklong tanso, na sa paraang siya'y nabibigkisan ng bagong tabak

ay nagmanukalang patayin si David. 17 Ngunit sinakloloohan siya ni Abisai na anak ni Zeruya, at sinugatan ang Filisteo, at pinatay niya. Ng magkagayo'y sumunpa sa kaniya ang mga lalaki ni David, na nagsabing: Hindi ka na lalabas pa na kasama namin sa pakikipagbaka, baka iyong patayin ang tanglaw ng Israel.

18 At nangyari, pagkatapos nito, na nagkaroon ng pakikipagbaka uli sa mga Filisteo sa Gob: Ng magkagayo'y si Sibekai na Husatita ay sinugatan si Saf, na sa mga anak ng higante. 19 At nagkaroon uli ng pakikipagbaka sa mga Filisteo sa Gob; at si Elhanan na anak ni Jaare-oregim, na Bet-lehemita, ay pinatay si Goliath na Giteo, na ang puluhan ng kaniyang sibat ay gaya ng panghabi ng manghahabi. 20 At nagkaroon uli ng pakikipagbaka sa Gat, na doo'y may isang lulaking totoong malaki, na mairoon sa bawat kamay na anim na daliri, at sa bawat paa'y anim na daliri, na dalawang puot apat sa bilang: at siya ay inianak din sa higante. 21 At ng kaniyang awayin ang Israel, si Jonatan na anak ni Simel na kapatid ni David ay pumatay sa kaniya. 22 Ang apat na ito ay ipinanganak sa higante sa Gat; at nangabual sa kamay ni David, at sa kamay ng kaniyang mga lingkod.

22 At sinalita ni David ang mga salita ng awit na ito sa PANGINOON sa araw na iniligtas ng PANGINOON siya sa kamay ng kaniyang lahat na mga kaaway, at sa kamay ni Saul: 2 at kaniyang sinabing:

Ang PANGINOON ay aking bato at aking katibayan, at aking tagapagligtas, sa makatuid baga'y akin;

3 Sa Dios na aking bato, sa kaniya ako aasa:

Siyang aking kalasag, at siyang sungay ng aking kaligtasan, siyang aking matayog na moog at aking silungang;

Siyang aking tagapagligtas, ikaw ang nagligtas sa akin sa pagdahas.

4 Ako'y tatawag sa PANGINOON na marapat na purihin:

Sa gayo'y maliligtas ako sa aking mga kaaway.

5 Sapagka't ang mga alon ng kamatayan ay kumulong sa akin,

Ang mga baha ng kasaman ay tumako sa akin.

- 6 Mga panali ng libingan ay lumigid sa akin :  
Mga silo ng kamatayan ay dumating sa akin.
- 7 Sa aking kagipitan ako'y tumawag sa PANGINOON,  
Oo, ako'y tumawag sa aking Dios :  
At kaniyang dininig ang aking voces sa kaniyang templo,  
At ang aking daing *dumating* sa kaniyang mga pakinig.
- 8 Ng magkagayo'y umuga ang lupa at nanginig,  
Ang mga cimientong ng langit ay nakilos  
At mga umuga, sapagka't siya'y nag-alit.
- 9 Umilang-lang ay usok sa kaniyang mga butas ng ilong.  
At apoy sa kaniyang bibig ay tumamon :  
Mga бага ay nag-alab sa pamamag-itan noon.
- 10 Kaniyang pinayukod ang langit naman at bumaba :  
At ang pagsasalimuot ng dakiliman ay nasa ilalim ng kaniyang mga paa.
- 11 At siya'y sumakay sa isang kerubin at pinalipad :  
Oo, siya'y nakita sa mga pakpak ng hangin.
- 12 At kaniyang ginawang mga tahanan ang kadiliman sa palibot niya,  
Na nagpisan ng mga tubig, ng mga masinsing alapaap sa mga langit.
- 13 Sa kinang ng kaniyang harap  
Mga бага na apoy ay nag-alab.
- 14 Ang PANGINOON'y kumulog sa langit,  
At inilakas ang kaniyang voces ng Kataastaasan.
- 15 At kaniyang sinugo ang mga pana, at pinangalat niya ang mga kaaway ;  
nagpakidlat at nalansag sila.
- 16 Ng magkagayo'y ang mga bangbang sa dagat ay lumitaw,  
Ang mga cimientong ng sanglibutan ay nakita.  
Dahil sa pagsaway ng PANGINOON,  
Sa hihip ng hinga ng kaniyang mga butas ng ilong.
- 17 Siya'y nagsugo mula sa itaas, kaniyang kinuha ako ;  
Kaniyang kinuha ako sa maraming tubig ;
- 18 Kaniyang iniligtas ako sa aking malakas na kaaway,  
Sa mga napopoot sa akin ; sapagka't sila'y totoong malakas kay sa akin.
- 19 Sila'y dumating sa akin sa kaarawan ng aking kapahamakan :  
Ngunit ang PANGINOON'y siyang umalalay sa akin.
- 20 Kaniyang inilabas naman ako sa maluang na lugar :  
Kaniyang iniligtas ako, sapagka't kaniyang kinalulugdan ako.
- 21 Ang PANGINOON'y gaganti sa akin ayon sa aking kabanalan :  
Ayon sa linis ng aking kamay kaniyang ginanti ako.
- 22 Sapagka't aking iningatan ang daan ng PANGINOON,  
At hindi ako humiwalay ng masama sa aking Dios.
- 23 Sapagka't ang lahat niyang kihatulan ay nasa harap ko :  
At tungkol sa kaniyang mga palatuntunan ay hindi ako humiwalay sa kanila.
- 24 Ako nama'y sakdal sa kaniya,  
At ako'y nagpakaingat sa aking kasaman.
- 25 Kaya't ginanti ng PANGINOON ako ayon sa aking kabanalan ;  
Ayon sa aking kalinisan sa kaniyang paningin.
- 26 Sa maawain ay magpapakamaawain ka.  
Sa sakdal ay magpapakasakdal ka ;
- 27 Sa dalisay ay magpakadalisay ka ;  
At sa masama ay magpapakaasim ka.
- 28 At ang nagdalambating bayan ay iyong ililigtas :  
Ngunit ang iyong mga mata ay nasa mga mapagmataas, upang iyong mga ilugmok.
- 29 Sapagka't ikaw ang aking ilawan, oh PANGINOON :  
At liliwanagan ng PANGINOON ang aking kadiliman.
- 30 Sapagka't sa pamamag-itan mo ay aking tatakbuhin ang pulutong :  
Sa pamamag-itan ng aking Dios ay aking luluksuhin ang kuta.
- 31 Tungkol sa Dios, ang kaniyang lakad ay sakdal ;  
Ang salita ng PANGINOON ay dalisay.  
Siya'y kalasag sa lahat ng umaasa sa kaniya.
- 32 Sapagka't ¿sino ang Dios, liban sa PANGINOON ?  
¿At sino ang burol, liban sa ating Dios ?
- 33 Ang Dios ay aking matibay na katibayan :

- At kaniyang pinamunutnubayan ang sakdal sa kaniyang lakad.
- 34 Kaniyang ginagawa ang mga paa niya na parang *nipt paa* ng usa.  
At itinatag niya ako sa aking mga mataas na lugar.
- 35 Kaniyang tinuturuan ang aking mga kamay sa pagbabaka;  
Na ano pa't nababalaktok sa aking mga kamay ang bosog na tanso.
- 36 Binigyan mo naman ako ng kalasag na iyong panligtas:  
At pinalaki ako ng iyong kaamuan.
- 37 Iyong pinalaki ang aking mga hakbang sa ilalim ko,  
At ang aking mga paa ay hindi nadulas.
- 38 Aking hinabol ang aking mga kaaway at aking mga giniba.  
O bumalik man uli ako hangang sa sila'y nalipol.
- 39 At aking mga nilipol, at aking mga sinugatan na, na ano pa't sila'y hindi nakabangon:  
Oo, sila'y nabual sa ilalim ng aking mga paa.
- 40 Sapagka't ako'y binigkisan mo ng kalakasan sa pagbabaka:  
Iyong mga pinasuko sa akin yaong mga nagbabangon laban sa akin.
- 41 Iyo namang mga pinatalikod ang aking mga kaaway sa akin,  
Upang aking maputol ang mga napoot sa akin.
- 42 Sila'y lumilingap, ngunit walang magligtas;  
Sa PANGINOON, ngunit hindi niya sinagot sila.
- 43 Ng magkagayo'y aking mga binabayo na parang alabok sa lupa;  
Aking mga niyuyurakan na parang putik sa mga langsgan, at aking mga ikinakalat.
- 44 Iniligtas mo naman ako sa mga pakikipagtalo sa aking bayan;  
Itinau mo ako na maging pangulo sa mga naci n:  
Ang bayan na hindi ko nakilala ay maghilingkod sa akin.
- 45 Ang mga taga-ibang lupa ay magsisusuko sa akin:  
Pagkarinig nila tungkol sa akin, sila'y susuned sa akin.
- 46 Ang mga taga-ibang lupa ay mangatutayo,  
At laabas na nanginginig sa kanilang mga nasasahang lugar.
- 47 Ang PANGINOON'y buhay; at purihin ang aking bato;

- At itaas ang Dios na bato ng aking kaligtasan:
- 48 Ang Dios na naggaganti sa akin,  
At nagpapanagayupapa ng mga bayan sa akin,
- 49 At kamukha sa akin sa aking mga kaaway:  
Oo, iyong itinataas ako sa kanila na nagsisipagtangon laban sa akin:  
Iniligtas mo ako sa marahas na lalaki.
- 50 Kaya't pasasalamat ako sa iyo, Oh PANGINOON, sa gitna ng mga nacion,  
At aawit ako ng mga pagpuri sa iyong pangalan.
- 51 Dakilang paghiligtas ang ibinigay niya sa kaniyang hari:  
At nagmagandang-loob sa kaniyang pinahiran,  
Kay David at sa kaniyang binhi magpakailan man.

- 23** Ito nga ang mga huling salita ni David:  
Sabi ni David na anak ni Jesse,  
At sabi ng lalaki na nagbabangon sa mataas,  
Na pinahiran ng Dios ni Jakob,  
At matamis na mang-aawit sa Israel:
- 2 Ang espiritu ng PANGINOON ay nagsalita sa pamamag-itan ko.  
At ang kaniyang salita ay napasa aking dila.
- 3 Sabi ng Dios ng Israel,  
Ang Burot ng Israel ay nagsalita sa akin:  
Ang namumuno sa mga tawo na may kabanalan,  
Na namumuno sa katakutan sa Dios.
- 4 *Sila'y magiging* parang liwayway sa kinaumagahan pagka ang araw ay sumisikat,  
Sa isang umagang walang mga alapaap;  
*Pagka* ang malambot na damo ay tumutulo sa lupa,  
Sa pamamag-itan ng maliwanag na sikat pagkatapos ng ulan.
- 5 Katotohanang ang aking bahay ay hindi gayon sa Dios;  
Gayon ma'y sila'y gumawa sa akin ng isang tipang walang hangan,  
Maayos sa lahat ng bagay at maaasahan:  
Sapagka't siyang aking boong kaligtasan, at boong nasa,  
Baga man hindi niya pinatubo.
- 6 Ngunit ang mga di tapat ay ngahabagis na parang mga tinik,

Sapagka't hindi sila mga tatangnan ng kamay :

☛ Kungdi ang lalaki na humipo sa kanila,

Marapat magsakbat ng bakal at ng puno ng sibat ;

At sila'y lubos na susunugin ng apoy sa kanilang lugar.

8 Ito ang mga pangalan ng mga makapangyarihang lalaki na nasa kay David : Si Joseb-beabet na Tahkemonita, na puno ng mga kapitan ; na siya ring si Adino na Eznita, na siyang dumaluhong laban sa walong daan na pinatay ng paminsan.

9 At pagkatapos niya'y si Eleazar, na anak ni Dodo, na anak ng isang Ahohita, na isa sa tatlong makapangyarihang lalaki na kasama ni David, ng sila'y umaway sa mga Filisteo, na mga napipisan doon upang makipagbaka, at ang mga lalaki sa Israel ay napalayas : 10 siya'y nagbangon, at sinugatan ang mga Filisteo hangang sa ang kaniyang kamay ay napagod, at ang kaniyang kamay ay nadikit sa tabak : at ang PANGINOÓ'y gumawa ng malaking pagtatagumpay ng araw na yaon ; at ang bayan ay nagbalik na kasunod niya, upang manamsam lamang.

11 At pagkatapos niya'y si Samma na anak ni Agee, na Hararita. At ang mga Filisteo ay nagpipisan sa isang pulutong, na kinaroroonan ng isang pirasong lupa na puno ng lentejas ; at ang bayan ay tumakas na mula sa mga Filisteo. 12 Ngunit siya'y tumayo sa gitna ng kapirasong yaon, at ipinagsangalang niya, at pinatay ang mga Filisteo : at ang PANGINOÓ'y gumawa ng dakilang pagtatagumpay. 13 At tatlo sa tatlong puong pinuno ay bumaba at naparoon kay David sa pag-aani sa yungib ng Adullam ; at ang pulutong ng mga Filisteo ay nagtayo ng kamento sa libis ng Refaim. 14 At si David nga'y nasa katibayan at ang pulutong nga ng mga Filisteo ay nasa Bet-lehem. 15 At nagnais si David, at nagsabing : Oh sino ang makapagbibigay sa akin ng tubig sa balon ng Bet-lehem, na nasa tabi ng pintuang-daan ! 16 At ang tatlong makapangyarihang lalaki ay nagbukas ng daan sa hukbo ng mga Filisteo, at umigib ng tubig sa balon ng Bet-lehem, na nasa siping ng pintuang-daan, at kinuha, at dinala kay David : ngunit hindi niya ininom yaon, kungdi kaniyang ibinuhos na handog sa PANGINOON. 17 At kaniyang sinabing : Malayo sa akin, Oh PANGINOON, na aking gawin ito : Imumin ko ba ang dugo ng mga

lalaki na naparoon na namuhunan ng kanilang mga buhay ? kaya't hindi niya ininom. Ang mga bagay na ito ay ginawa ng tatlong makapangyarihang lalaki. 18 At si Abisai, na kapatid ni Joab, na anak ni Zeruaia, ay puno ng sibat. At kaniyang itinaas ang kaniyang sibat laban sa tatlong daan at pinatay niya sila, at nagkapangalan sa tatlo : 19 Hindi ba siya ang lalong marangal sa tatlo ? kaya't siya'y ginawang kapitan nila : gayon ma'y hindi siya umabot sa unang tatlo. 20 At si Benaya, na anak ni Joiada, na anak ng matatapang na lalaki na taga Kabzeel, na gumawa ng makapangyarihang mga gawa, kaniyang pinatay ang dalawang anak ni Ariel na taga Moab : siya'y bumaba naman at pumatay ng isan leon sa gitna ng isang hukay sa kapanahunan ng nieve : 21 at siya'y pumatay ng isang taga Egipto na magandang lalaki : at ang taga Egipto ay may sibat sa kaniyang kamay ; ngunit siya'y bumaba sa kaniya na may tungkod, at inagaw niya ang sibat sa kamay ng taga Egipto, at pinatay niya siya ng kaniyang sariling sibat. 22 Ang mga bagay na ito ay ginawa ni Benaya, na anak ni Joiada, at nagkapangalan sa tatlong makapangyarihang lalaki. 23 Siya'y marangal kay sa tatlong puo, ngunit sa unang tatlo'y hindi siya umabot. At inilagay ni David siya sa kaniyang bantay.

24 Si Asael na kapatid ni Joab ay isa sa tatlong puo ; si Elhanan na anak ni Dodo, na taga Bet-lehem ; 25 si Samma na Harodita, si Elika na Harodita ; 26 si Helez na Paltita, si Ira na anak ni Ikes na Tekoita ; 27 si Abiezer na Anatotita ; si Mebunai na Husatita ; 28 si Zalmon na Ahotita ; si Maharai na Netofatita ; 29 si Heleb na anak ni Baana, na Netofatita ; si Itai na anak ni Ribai, na taga Gibeá, sa mga anak ni Benjamin ; 30 si Benaya na Piratonita ; si Hidaí sa mga libis ng Gaas ; 31 si Abi-albon na Arbatita ; si Azmavet na Barhumita ; 32 si Eliahba na Saalbonita, ang mga anak ni Jasen, si Jonatan ; 33 si Samma na Hararita ; si Ahiam na anak ni Sarar, na Hararita ; 34 si Elifelet na anak ni Ahasbai, na anak ni Maakateo ; si Eliam na anak ni Ahitofel, na Gilonita ; 35 si Hezro na Karmelita ; si Paarai na Arbita ; 36 si Igal na anak ni Natan, na taga Zoba ; si Bani, na Gadita ; 37 si Zelek na Ammonita, si Naharai na Beerotita, na mga taga dala ng sakbat ni Joab na anak ni Zeruaia ; 38 si Ira na Itrita ;

si Gareb na Itrita; 39 si Urias na Hiteo: silang lahat ay tatlong puot pito.

**24** At ang galit ng PANGINOON ay nag-alab uli laban sa Israel, at kaniyang kinilos si David laban sa kanila, na sinabing: Ikaw ay yumaon, iyong bilangin ang Israel at Juda. **2** At sinabi ng hari kay Joab na puno ng hukbo, na nasa kaniya. Magparoo't parito ka nga sa lahat ng angkang ng Israel, mula sa Dan hangang sa Beer-seba, at bilangin ninyo ang bayan, upang aking malaman ang bilang ng bayan. **3** At sinabi ni Joab sa hari: Ngayo'y dagdagan ng PANGINOON iyong Dios ang bayan, kung gaano karani sila, ng isang daan, at makita ng mga mata ng aking panginoon na hari: nguni't bakit nalulugod ang panginoon ko na hari sa bagay na ito? **4** Gayon may ang salita ng hari ay nanaig laban kay Joab, at laban sa mga kapitan ng hukbo. At si Joab at ang mga kapitan ng hukbo ay lumabas na mula sa harap ng hari upang bilangin ang bayan ng Israel. **5** At sila'y nagdaan ng Jordan, at nagtayo ng kampaemento sa Aroer sa dakong kanan ng ciudad na nasa gitna ng libis ng Gad, at sa Jazer: **6** ng magkagayo'y sila'y napaaroon sa Gilead, at sa lupain ng Tahtim-hodsi; at sila'y dumating sa Dan-jaan at sa palibot hangang sa Zidon, **7** at napaaroon sa katibayan ng Tiro, at sa lahat ng mga ciudad ng mga Hivo, at ng mga Kananeo: at sila'y lumabas sa timugan ng Juda, sa Beer-seba. **8** Sa gayo'y ng sila'y makapagparoo't parito sa boong lupain, sila'y napaaroon sa Jurusalem sa katapusan ng siam na buan at dalawang puong araw. **9** At ibinigay sa hari ni Joab ang bilang ng pagkabilang sa bayan: at mayroon sa Israel na walong daang libo na matapang na lalaki na humahawak ng tabak; at ang mga tawo sa Juda ay limang daang libong lalaki.

**10** At ang puso ni David ay sinugatan niya pagkatapos na kaniyang nabilang ang bayan. At sinabi ni David sa PANGINOON: Ako'y nagkasala ng malaki sa aking nagawa: nguni't ngayo'y isinasamo ko sa iyo na iyong pawiin ang kasam-an ng iyong lingkod; sapagka't aking ginawa ng boong kamangmangan.

**11** At ng si David ay magbangon sa kinau-magahan, ang salita ng PANGINOON ay dumating sa profetang kay Gad na tagakita ni David, na sinabing: **12** Ikaw ay yumaon at magsalita kay David: Ganito

ang sabi ng PANGINOON: Hinahandugan kita ng tatlong bagay; punili ka ng isa sa kanila upang aking magawa sa iyo. **13** Sa gayo'y napaaroon si Gad kay David, at nagsaysay sa kaniya: at nagsabi sa kaniyang: Darating ba sa iyo ang pitong taon na kagutom sa iyong lupain? **14** Tatakas ka ba na talong buan sa harap ng iyong mga kaaway samantalang hinahabol ka nila? **15** Magkakaroon ba ng tatlong araw na salet sa iyong lupain? ngayo'y muniin mo, at alamin mo kung anong kasagutan ang aking ibabalik doon sa nagsugo sa akin. **14** At sinabi ni David kay Gad: Ako'y nasa totoong kagipitan: mahulog tayo ngayon sa kamay ng PANGINOON; sapagka't ang kaniyang mga kaawaan ay malaki: at huag akong mahulog sa kamay ng tawo. **15** Sa gayo'y nagsugo ang PANGINOON ng salot sa Israel mula sa umaga hangang sa takdang panahon: at namatay sa bayan mula sa Dan hangang sa Beer-seba ay pitong puong libong lalaki. **16** At ng iunat ng angel ang kaniyang kamay sa dakong Jerusalem upang gumiba, nagsisi ang PANGINOON sa kasam-an, at sinabi sa angel na lumipol ng bayan: Siya na; ngayo'y itigil mo ang iyong kamay. At ang angel ng PANGINOON ay nasa giikan ng Arauna na Jebuseo. **17** At nagsalita si David sa PANGINOON, ng kaniyang makita ang angel na sumugat ng bayan, at nagsabing: Narito, ako'y nagkasala, at ako'y gumawa ng kalikuan: nguni't ang mga tupang ito, ano ang ginawa? isinasamo ko sa iyo na ang iyong kamay ay maging laban sa akin, at laban sa bahay ng aking ama.

**18** At si Gad ay napaaroon ng araw na yaon kay David, at nagsabi sa kaniyang: Ikaw ay yumaon, magtayo ka ng isang altar sa PANGINOON sa giikan ni Arauna na Jebuseo. **19** At si David ay sumampa ayon sa sinabi ni Gad, kung paanong iniutos ng PANGINOON. **20** At tumanaw si Arauna, at nakita ang hari, at ang kaniyang mga lingkod na lumalapit sa kaniya; at si Arauna ay lumabas, at yumukod sa harap ng hari ng kaniyang mukha sa lupa. **21** At sinabi ni Arauna: Bakit ang aking panginoon na hari ay naparito sa kaniyang alipin? at sinabi ni David: Upang bilhin ang giikan sa iyo, na magtayo ng isang altar sa PANGINOON, upang ang salot ay magtigil sa bayan. **22** At sinabi ni Arauna kay David: Kunin ng aking panginoon na hari, at ihandog kung ano ang inaakala niyang

mabuti sa kaniya: narito, ang mĀa baka para sa handog na susunugin, at ang mĀa kagamitan sa giikan at ang mĀa kasangkapan sa mĀa baka para sa kahoy: 23 ang boong ito, Oh hari, ibinibigay ni Arauna sa hari. At sinabi ni Arauna sa hari: Kinalulugdan ka ng PANGINOONG iyong Dios. 24 At sinabi ng hari kay Arauna: Huag; kungdi katotohanang bibilhin ko sa iyo ng halaga: hindi man ako maghahandog ng mĀa handog na

susunugin sa PANGINOONG aking Dios na hindi nagkahalaga sa akin ng ano man. Sa gayo'y binili ni David ang giikan at ang mĀa baka ng limang puong siklong pilak. 25 At nagtayo doon si David ng isang altar sa PANGINOON, at naghandog ng mĀa handog na susunugin at ng mĀa handog tungkol sa kapayapaan. Sa gayo'y nadalanginan ang PANGINOON dahil sa lupain, at ang salot ay tumigil sa Israel.

ANG

## UNANG LIBRO NĀ MĀA HARI.

1 Si David nĀ ay matanda na at totoong may gulang; at kanilang tinakpan siya ng mĀa kasuotan, nguni't siya'y hindi nainitan. 2 Kayat sinabi ng mĀa lingkod niya sa kaniyang: Ihanap ang aking panginoon na hari ng isang doncella at patayuin siya sa harap ng hari, at mag-alaga sa kaniya; at mahiga siya sa iyong sinapupunan, upang ang aking panginoon na hari ay mainitan. 3 Sa gayo'y inihanap nila siya ng isang magandang dalaga sa boong baybayin ng Israel, at nasumpungan si Abisag na Sunamita, at dinala sa hari. 4 At ang dalaga ay totoong maganda; at kaniyang inaalagaan ang hari at nangangasiwa sa kaniya; nguni't hindi nakikilala ng hari siya. 5 Ng magkagayo'y nagmapuri si Adonias na anak ni Hagit, na nagsabing: Ako'y magiging hari: at siya'y naghanda sa kaniya ng mĀa karro at mĀa mangangabayo, at limang puong lalaki na tatakbo sa unahan niya. 6 At hindi siya kinasamaan ng loob ng kaniyang ama kailan man, na nagsabing: ¿Bakit ka gumawa ng ganiyan? at siya'y totoong magandang lalaki naman; at siya'y ipinanganak na kasunod ni Absalom. 7 At siya'y nakipagsalitaan kay Joab na anak ni Zeruaia, at sa sacerdoteng kay Abiatar: at sila'y pagsunod kay Adonias ay tumulong sa kaniya. 8 Nguni't si Zadok na sacerdote, at si Benaya na anak ni Joiada, at si Natan na profeta, at si Simei, at si Rei, at ang mĀa makapangyarihang lalaki na nauukol kay David, ay hindi kay Adonias. 9 At nagpatay si Adonias ng mĀa

tupa, at mĀa baka at ng mĀa pinataba sa siping ng bato ng Zohelet, na nasa tabi ng En-rogel; at kaniyang tinawag ang lahat niyang kapatid na mĀa anak ng hari, at ang lahat na lalaki sa Juda na mĀa lingkod ng hari: 10 nguni't si Natan na profeta, at si Benaya, at ang mĀa makapangyarihang lalaki, at si Solomon na kaniyang kapatid, hindi niya tinawag. 11 Ng magkagayo'y nagsalita si Natan kay Bat-seba na ina ni Solomon, na sinabing: ¿Hindi mo narinig na naghahari si Adonias na anak ni Hagit, at hindi nalalaman ni David na ating panginoon? 12 Ngayon nga'y parito ka, isinasamo ko sa iyo, na bigyang payo kita, upang iyong maligtas ang iyong sariling buhay, at ang buhay ng iyong anak na si Solomon. 13 Ikaw ay yumaon, at pasukin mo ang haring si David, at sabihing mo sa kaniyang: ¿Di ba, panginoon ko, isinumpa mo sa iyong alipin, na iyong sinabing: Tunay na si Solomon na iyong anak ay maghahari na susunod sa akin, at siya'y luluklok sa aking luklukan? ¿bakit nĀ naghahari si Adonias? 14 Narito, samantalang nagsasalita ka pa doon sa hari, ako naman ay papasok na kasunod mo, at aking aayunan ang iyong mĀa salita. 15 At pinasok ni Bat-seba ang hari sa silid: at ang hari ay totoong matanda na; at si Abisag na Sunamita ay siyang nag-aalaga sa hari. 16 At si Bat-seba ay yumukod at gumalang sa hari. At sinabi ng hari: ¿Anong ibig mo? 17 At siya'y sumagot sa kaniyang: Panginoon ko, ikaw ay sumumpa sa pangalan ng

PANGINOONG iyong Dios sa iyong alipin, na nagsabing: Tunay na si Solomon na iyong anak ay maghahari na susunod sa akin, at siya'y uupo sa aking luklukan. **18** At ngayo'y narito, si Adonias ay naghahari; at ikaw, panginoon ko na hari, hindi mo malalaman: **19** at siya'y pumatay ng mga baka, at mga pinataba, at tupa na sagana, at tinawag ang lahat na anak ng hari, at si Abiatar na sacerdote, at si Joab na puno ng hukbo: nguni't si Solomon na iyong lingkod ay hindi niya tinawag. **20** At ikaw, panginoon ko na hari, ang mga mata ng boong Israel ay nasa iyo, upang iyong saysayin sa kanila kung sino ang uupo sa luklukan ng aking panginoon na hari na kasunod niya. **21** Sa ibang para'y mangyayari, pagka ang aking panginoon na hari ay matutulong na kasama ng kaniyang mga magulang, na ako at ang aking anak na si Solomon ay mabibilang na mga makasalan. **22** At, narito, samantalang siya'y nakikipagsalitan pa sa hari, si Natan na profeta ay pumasok. **23** At kanilang isinaysay sa hari, na sinabing: Narito, si Natan na profeta. At ng siya'y dumating sa harap ng hari, siya'y yumukod ng kaniyang mukha sa lupa sa harap ng hari. **24** At sinabi ni Natan: Panginoon ko, Oh hari, ¿Iyo bang sinabing: si Adonias ay maghahari na susunod sa akin, at siya'y uupo sa aking luklukan? **25** Sapagka't siya'y bumaba ng araw na ito, at nagpatay ng mga baka, at mga pinataba, at tupa na sagana, at tinawag ang lahat na anak ng hari, at ang mga kapitan ng hukbo, at si Abiatar na sacerdote; at, narito, sila'y kumakain at umiinom sa harap niya, at nagsasabing: Mabuhay ang haring si Adonias. **26** Nguni't ako, akong iyong alipin, at si Zadok na sacerdote, at si Benaya na anak ni Joiada, at ang iyong lingkod na si Solomon, hindi niya tinawag. **27** ¿Ang bagay na ito ba ay nagawa sa ganang aking panginoon na hari, at hindi mo ipinakilala sa iyong mga alipin kung sino ang uupo sa luklukan ng aking panginoon na hari na kasunod niya? **28** Ng magkagayo'y sumagot ang haring si David, at nagsabing: Tawagin ninyo sa akin si Batsaba. At siya'y nasok sa harap ng hari, at tumayo sa harap ng hari. **29** At sumumpa ang hari, at nagsabing: Buhay ang PANGINOON, na tumubos ng aking kalulua sa lahat ng karalitan, **30** katotohanang kung paanong isinuumpa ko sa

iyong sa panjalan ng PANGINOON, ng Dios ng Israel, na sinabi kong: Tunay na si Solomon na iyong anak ay maghahari na susunod sa akin, at siya'y uupo sa aking luklukan na kahalili ko; katotohanang gayon ang aking gagawin sa araw na ito. **31** Ng magkagayo'y iniyukod ni Batsaba ang kaniyang mukha sa lupa, at gumalang sa hari, at nagsabing: Mabuhay ang aking panginoon na haring si David magpakailan man. **32** At sinabi ng haring si David: Tawagin ninyo sa akin si Zadok na sacerdote, at si Natan na profeta, at si Benaya na anak ni Joiada. At sila'y nasok sa harap ng hari. **33** At sinabi ng hari sa kanilang: Ipagsama ninyo ang mga lingkod ng inyong panginoon, at pasakayin ninyo ang aking anak na si Solomon sa aking sariling mula, at ibaba ninyo siya sa Gihon: **34** at ihalal siya doong hari sa Israel ni Zadok na sacerdote at ni Natan na profeta: at humihip kayo ng pakakak, at inyong sabihing: Mabuhay ang haring si Solomon. **35** Kung magkagayo'y kayo'y sampang kasunod niya, at siya'y paririto, at uupo sa aking luklukan: sapagka't siya'y magiging hari, na kahalili ko: at inihalal ko siyang maging puno sa Israel at sa Juda. **36** At si Benaya na anak ni Joiada ay sumagot sa hari, at nagsabing: Siya nawa: ang PANGINOON, ang Dios ng aking panginoon na hari ay magsabing gayon din. **37** Kung paanong ang PANGINOON ay sumaaing panginoon na hari ay gayon suma kay Solomon, at gawin ang kaniyang luklukan lalong malaki kay sa luklukan ng aking panginoong haring si David. **38** Sa gayo'y si Zadok na sacerdote at si Natan na profeta, at si Benaya na anak ni Joiada, at ang mga Kereteo, at ang mga Peleteo ay nagsababa, at pinasakay si Solomon sa mula ng haring si David, at dinala sa Gihon. **39** At kinuha ni Zadok na sacerdote ang sungay ng langis sa Dampa, at pinahiran si Solomon. At sila'y humihip ng pakakak; at ang boong baya'y nagsabing: Mabuhay ang haring si Solomon. **40** At ang boong baya'y sumampang kasunod niya, at ang bayan ay humihip ng mga flauta, at nangagalak ng malaking pagkagalak, ano pa't ang lupa ay bumuka sa hugong nila. **41** At narinig ni Adonias at ng boong inanyayaban na nasa kaniya pagkatapos nilang makakain. At ng marinig ni Joab ang tunog ng pakakak, kaniyang sinabing: ¿Bakit ang ugong



na ito sa ciudad ay nagiging isang kani-  
ngay? **42** Samantalang siya'y nagsasalita  
pa, narito, si Jonatan na anak ni Abiatar  
na sacerdote ay dumating: at si Adonias  
ay nagsabing: Pumasok ka; sapagka't  
ikaw ay mahalagang lalaki, at nagdadala  
ka ng mabubuting balita. **43** At si Jona-  
tan ay sumagot, at nagsabi kay Adonias:  
Katotohanang ginawang hari si Solomon  
ng ating panginoong haring si David:  
**44** At sinugo ng hari na kasama niya si  
Zadok na sacerdote, at si Natan na profeta,  
at si Benaya na anak ni Joiada, at ang mga  
Kereteo at ang mga Peleteo, at pinasakay  
nila siya sa mula ng hari: **45** at pinahiran  
siya na hari ni Zadok na sacerdote at  
ni Natan na profeta sa Gihon: at  
silay sumampa mula roon na galak, na  
ano pa't ang ciudad ay nagkaingay uli.  
Ito ang lugong na iyong narinig.  
**46** At si Solomon naman ay naupo  
sa luklukan ng kaharian. **47** At bukod  
dito'y ang mga lingkod ng hari ay napa-  
roon upang basbasan ang ating panginoong  
haring si David, na nagsabing: Gawin ng  
iyong Dios ang pangalan ni Solomon na  
lalong maigi kay sa iyong pangalan, at  
gawin ang kaniyang luklukan na lalong  
malaki kay sa iyong luklukan: at ang  
hari ay bumaluktot sa kaniyang hibigan.  
**48** At ganito pa ang sinabi ng hari:  
Purihin ang PANGINOON, ang Dios ng  
Israel, na siyang nagbigay sa akin ng isa na  
makakaupo sa aking luklukan sa araw na  
ito, na nakita ng aking mga mata. **49** At  
ang lahat na inanyayahan ni Adonias ay  
nanginig at nagtinding, at yumaon baw't  
isa sa kaniyang lakad. **50** At natakot si  
Adonias dahil kay Solomon: at siya'y nag-  
tinding at yumaon, at pumigil sa mga  
sungay ng altar, **51** At nasaysay kay  
Solomon, na sinabing: Narito, si Adoni-  
as ay natatakot sa haring Solomon: sapag-  
ka't, narito, siya'y pumigil sa mga sungay  
ng altar, na nagsabing: Isumpa ng haring  
Solomon sa akin sa araw na ito, na hindi  
niya papatayin ang kaniyang alipin ng  
tabak. **52** At sinabi ni Solomon: Kung  
siya'y pakikilalang mahalagang lalaki,  
walang malalaglag na isang buhok sa  
kaniya sa lupa: nguni't kung kasama'y  
masumpungan sa kaniya, siya'y mama-  
matay. **53** Sa gayo'y nagsugo ang haring  
Solomon, at kanilang ibinaba siya sa  
altar. At siya'y naparoon at gumalang  
sa haring Solomon: At sinabi ni Solo-  
mon sa kaniyang: Umuwi ka sa iyong  
bahay.

**2** Ang mga araw ni David na ikama-  
nilin kay Solomon na kaniyang anak, na  
sinabing: **2** Ako'y yumayaon ng lakad  
ng boong lupa: ikaw ay magpakalakas  
nga at pakilalang lalaki; **3** at iyong  
ingatan ang bilin ng PANGINOONG iyong  
Dios, na lumakad sa kaniyang mga daan,  
na ingatan ang kaniyang mga palatun-  
tunan, ang kaniyang mga utos, at ang kani-  
yang mga kahatulan, at ang kaniyang  
mga patotoo, ayon sa nasusulat sa kautu-  
san ni Moises, upang ikaw ay guminhawa  
sa lahat ng iyong ginagawa, at saan ka  
man lumingon: **4** upang itatag ng PA-  
NGINOON ang kaniyang salita na kani-  
yang sinalita tungkol sa akin, na sina-  
bing: Kung ang iyong mga anak ay mag-  
iingat sa kanilang lakad, na lalakad sa  
harap ko sa katotohanan ng boong kani-  
lang puso at ng boong kanilang kalulua,  
hindi ka kukulangin (sabi niya) ng lalaki  
sa luklukan ng Israel. **5** Bukod dito'y  
talastas mo naman ang ginawa ni Joab na  
anak ni Zeruya sa akin, ang ginawa niya  
sa dalawang kapitan ng mga hukbo ng  
Israel, kay Abner na anak ni Ner, at kay  
Amasa na anak ni Jeter na kaniyang  
pinatay, at ibinubo ang dugo ng pag-  
bababaka sa kapayapaan, at nabubo ang  
dugo ng pagbabaka sa kaniyang bigkis  
na nasa kaniyang mga balakang, at sa  
loob ng kaniyang mga panyapak na  
nasa kaniyang mga paa. **6** Gumawa  
ka nga ng ayon sa iyong karunungan,  
at huag mong tulutang ang kaniyang  
uban sa ulo ay bumaba sa libingang  
payapa. **7** Nguni't pagpakitaan mo ng  
kagandahang-loob ang mga anak ni Bar-  
zillai na Gileadita, at maging sa mga  
kumakain sa iyong dulang: sapagka't  
gayon sila lumapit sa akin ng ako'y  
tumakas kay Absalom na iyong kapatid.  
**8** At narito, nasa iyo si Simei na anak  
ni Gera na Benjamita, na taga Bahurim,  
na siyang sumumpa sa akin ng mahigpit  
na sumpa sa araw na ako'y pumaroon sa  
Mahanaim: nguni't binaba niyang sina-  
lubong ako sa Jordan, at ako'y sumumpa  
sa kaniya sa pangalan ng PANGINOON, na  
nagsabing: Hindi kita papatayin ng ta-  
bak. **9** Ngayon nga'y huag mong ariing  
walang sala, sapagka't ikaw ay lalaking  
pantas; at iyong malalaman ang dapat  
gawin sa kaniya, at iyong ibaba ang  
kaniyang uban sa ulo sa libingan na may  
dugo. **10** At si David ay natulog na  
kasama ng kaniyang mga magulang, at

nalibing sa ciudad ni David. **11** At ang mga araw na ipinaghari ni David sa Israel ay apat na puong taon: pitong taong naghari siya sa Hebron, at tatlong puo't tatlong taong naghari siya sa Jerusalem.

**12** At si Solomon ay naupo sa luklukan ni David na kaniyang ama; at ang kaniyang kaharian ay natatag na mainam. **13** Ng makagayo'y si Adonias na anak ni Hagit ay naparoon kay Bat-seba na ina ni Solomon. At kaniyang sinabing: Naparirito ka bang payapa? At sinabi niyang: Payapa. **14** Kaniyang sinabi bukod dito: Mairoon pa akong sasabihin sa iyo. At sinabi niyang: Sabihin mo.

**15** At kaniyang sinabing: Talastas mo na ang kaharian ay naging akin, at itinig ng boong Israel ang kanilang mukha sa akin, upang ako'y maghari: gayon ma'y ang kaharian ay nabago, at napasa aking kapatid: sapagka't kaniya sa ganang PANGINOON.

**16** At ngayo'y hilingi ako ng isang hiling sa iyo, huag mo akong hivain. At sinabi niya sa kaniyang: Sabihin mo. **17** At kaniyang sinabing: Isinasamo ko sa iyo na iyong-salitaan kay Solomon na hari, (sapagka't siya'y hindi hihiyain sa iyo,) na ibigay niya sa aking asawa si Abisag na Sunamita. **18** At sinabi ni Bat-seba: Mabuti; aking ipakikiusap kita sa hari. **19** Si Bat-seba nga'y naparoon sa haring Solomon, upang ipakiusap sa kaniya si Adonias. At nagtindig ang hari na sinalubong siya, at yumukod siya sa kaniya, at umupo sa kaniyang luklukan, at nagpalagay ng luklukan sa ina ng hari; at siya'y naupo sa kaniyang kanan.

**20** Ng magkagayo'y sinabi niyang: Ako'y humihingi ng isang munting hiling sa iyo: huag mo akong hivain. At sinabi ng hari sa kaniyang: Hilingin mo, ina ko: sapagka't hindi kita hihiyain. **21** At sinabi niyang: Ibigay mong asawa si Abisag na Sunamita sa iyong kapatid na kay Adonias. **22** At ang haring Solomon ay sumagot, at nagsabi sa kaniyang inang: (At bakit mo hinihiling si Abisag na Sunamita para kay Adonias? hilingin mo para sa kaniya ang kaharian naman; sapagka't siya'y aking matandang kapatid; oo, para sa kaniya, at kay Abiatar na sacerdote, at kay Joab na anak ni Zeruya. **23** Ng magkagayo'y sumumpa ang haring si Solomon sa pangalan ng PANGINOON, na nagsabing: Gawing gayon ng Dios sa akin, at lalo na, kung di si Adonias ay

nagsalita ng salitang ito laban sa kaniyang sariling buhay. **24** Ngayon nga'y, buhay ang PANGINOON, na nagtatag sa akin, at naglagay sa akin sa luklukan ni David na aking ama, at siyang gumawa sa akin ng isang bahay, gaya ng kaniyang ipinangako, tunay na si Adonias ay papatayin sa araw na ito. **25** At nagsugo ang haring Solomon sa pamamagitan ng kamay ni Benaya na anak ni Joiada; at siya'y nabual sa kaniya, na ano pa't siya'y namatay. **26** At kay Abiatar na sacerdote ay sinabi ng hari: Umuwi ka sa Anatot, sa iyong sariling mga bukid; sapagka't ikaw ay marapat sa kamatayan: ngunit sa panahong ito'y hindi kita papatayin, sapagka't iyong dinala ang kaban ng Panginoong Dios sa harap ni David na aking ama, at sapagka't ikaw ay napighati sa lahat ng kinapighatian ng aking ama. **27** Sa gayo'y inalit ni Solomon si Abiatar sa pagkasacerdote sa PANGINOON; upang kaniyang tuparin ang salita ng PANGINOON, na kaniyang sinalita tungkol sa bahay ni Eli, sa Siloh. **28** At ang mga balita ay dumating kay Joab: sapagka't si Joab ay sumanib kay Adonias, bago man hindi siya sumanib kay Absalom. At si Joab ay tumakas na napatungo sa Dampa ng PANGINOON, at pumigil sa mga sungay ng altar. **29** At nasaysay sa haring Solomon: Si Joab ay tumakas na napatungo sa Dampa ng PANGINOON, at, narito, siya'y nasa siping ng altar. Ng magkagayo'y sinugo niya si Benaya na anak ni Joiada, na sinabing: Ikaw ay yumaon, daluhangin mo siya. **30** At si Benaya ay naparoon sa Dampa ng PANGINOON, at nagsabi sa kaniyang: Ganito ang sabi ng hari: Lumabas ka. At kaniyang sinabing: Huag; kungdi ako'y mamamatay rito. At dinala ni Benaya sa hari ang salita uli, na sinabing: Ganito ang sinabi ni Joab, at ganito ang isinagot sa akin. **31** At sinabi ng hari sa kaniyang: Gawin kung paano ang sinabi niya, at daluhangin mo siya, at iilibing mo siya; upang iyong maalis ang dugo (na ibinubo ni Joab ng walang kadahilanan,) sa akin at sa bahay ng aking ama. **32** At ibabalik ng PANGINOON ang kaniyang dugo sa kaniyang sariling ulo, sapagka't siya'y dumaluhang sa dalawang lalaki, na higit sa kabanalona, at maigi kay sa kaniya, at mga pinatay ng tabak, at hindi nalaman ng aking amang si David, sa makatuld bago'y si Abner na anak ni Ner, na puno ng hukbo ng Israel, at si Amasa

na anak ni Jeter, na puno ng hukbo ng Juda. 33 Sa gayo'y ang kanilang dugo ay mababalik sa ulo ni Joab, at sa ulo ng kaniyang binhi magpakailan man: nguni't kay David, at sa kaniyang binhi, at sa kaniyang bahay, at sa kaniyang luklukan ay magkakaroon ng kapayapaan magpakailan man sa ganang PANGINOON. 34 Ng magkagayo'y sinampa ni Benaya na anak ni Joiada, at dinaluhong siya, at pinatay siya; at siya'y nalibing sa kaniyang sariling bahay sa ilang. 35 At inilagay ng hari si Benaya na anak ni Joiada na kahalili niya sa hukbo: at si Zadok na sacerdote ay inilagay ng hari na kahalili ni Abiatar. 36 At ang hari ay nagsugo at ipinatawag si Simei, at sinabi sa kaniyang: Magtayo ka ng isang bahay sa Jerusalem, at tumahan ka doon, at huag kang pumaroon saan man na mula roon. 37 Sapagka't sa araw na ikaw ay lumabas, at magdaan sa batis ng Kidron, talastasin mong mainam, na ikaw ay walang pagsalang mamamatay: ang iyong dugo ay sasa iyong sariling ulo. 38 At sinabi ni Simei sa hari: Ang sabi ay mabuti: kung paanong sinabi ng aking panginoong hari, gayon gagawin ng iyong alipin. At si Simei ay tumahan sa Jerusalem na malaon. 39 At nangyari, sa katapusan ng tatlong taon, na dalawa sa mga alipin ni Simei ay tumaanan na pumaroon kay Akis, na anak ni Maaka, hari sa Gat. At kanilang sinaysay kay Simei, na sinabing: Narito, ang iyong mga alipin ay nasa sa Gat. 40 At tumindig si Simei, at inihanda ang kaniyang asno, at napasa Gat kay Akis, upang hanapin ang kaniyang mga alipin: at si Simei ay yumaon at dinala ang kaniyang mga alipin mula sa Gat. 41 At nasaysay kay Solomon na si Simei ay naparoon sa Gat mula sa Jerusalem, at nagbalik uli. 42 At ang hari ay nagsugo at ipinatawag si Simei, at nagsabi sa kaniyang: ;Di ba kita'y pinasumpa sa pangalan ng PANGINOON, at ipinakilala na toto sa iyo, na aking sinabing: Talastasin mong tunay na sa araw na ikaw ay lumabas, at yumaon saan man, ay walang pagsalang mamamatay ka? at iyong sinabi sa aking: Ang sabi na aking narinig ay mabuti. 43 ;Bakit nga hindi mo iningatan ang sumpa sa PANGINOON, at ang utos na aking ibinilin sa iyo? 44 Sinabi ng hari bukod dito kay Simei: Iyong talastasin ang boong kasam-an na nalalaman ng iyong puso, na iyong ginawa kay David

na aking ama: kaya't ibabalik ng PANGINOON ang iyong kasam-an sa iyong sariling ulo. 45 Nguni't ang haring si Solomon ay magiging mapalad, at ang luklukan ni David ay magiging matatag sa harap ng PANGINOON magpakailan man. 46 Sa gayo'y inutusan ng hari si Benaya na anak ni Joiada; at siya'y lumabas, at dumaluhong sa kaniya, na ano pa't siya'y namatay. At ang kaharian ay natatag sa kamay ni Solomon.

3 At si Solomon ay nagkaroon ng pakikipagkilala kay Faraon na hari sa Egipto, at kinuha ang anak na babaye ni Faraon, at dinala sa ciudad ni David, hangang sa kaniyang natapos itayo ang kaniyang sariling bahay, at ang bahay ng PANGINOON, at ang kuta ng Jerusalem sa palibot. 2 Ang bayan ay naghahayin lamang sa mga mataas na lugar, sapagka't walang bahay na tayo para sa pangalan ng PANGINOON hangang sa mga araw na yaon. 3 At inibig ni Solomon ang PANGINOON, na lumalakad sa mga palatuntunan ni David na kaniyang ama: sila'y naghahayin lamang at nagsusunog ng kamayanan sa mga mataas na lugar.

4 At ang hari ay naparoon sa Gibeon upang maghayin doon; sapagka't yaon ang pinakamataas na lugar: isang libong handog na susunugin ang inihandog ni Solomon sa altar na yaon. 5 Sa Gibeon ay napakita ang PANGINOON kay Solomon sa panaginip sa gabi: at sinabi ng Dios: Hingin mo kung ano ang ibibigay ko sa iyo. 6 At sinabi ni Solomon: Ikaw ay nagpakita sa iyong aliping aking amang kay David ng malaking kagandahang-loob ayon sa kaniyang inilakad sa harap mo sa katotohanan, at sa kabanalan, at sa katuiran ng puso para sa iyo; at iyong iningatan sa kaniya itong malaking kagandahang-loob, na iyong binigyan siya ng isang anak na makakaupo sa kaniyang luklukan, gaya sa araw na ito. 7 At ngayon, Oh PANGINOONG aking Dios, iyong ginawang hari ang iyong alipin na kahalili ni David na aking ama: at ako'y isang muuting bata lamang; hindi ko nalalaman ang paglulumabas at pumasok. 8 At ang iyong alipin ay nasa gitna ng iyong bayan na iyong pinili, isang malaking bayan na hindi mabibilang o matuturingan dahil sa karamihan. 9 Bigyan mo nga ang iyong alipin ng isang matalinong puso upang humatol sa iyong bayan, upang aking makilala ang mabuti at ang masama; sapagka't ;sino ang makahahatol dito sa

iyong malaking bayan? **10** At ang talumpati ay nakalugod sa PANGINOO, na hiningi ni Solomon ang bagay na ito. **11** At sinabi ng Dios sa kaniyang: Sapagka't iyong hiningi ang bagay na ito, at hindi mo hiningi sa iyo ang mahabang buhay; o hiningi mo man sa iyo ang mga kayamanan, o hiningi mo man ang buhay ng iyong mga kaaway; kungdi hiningi mo sa iyo'y katalinuan upang kumilala ng kahatulan; **12** narito, aking ginawa ayon sa iyong salita: narito, aking binigyan kita ng isang pantas at matalinong puso; na ano pa't walang naging gaya mo na una sa iyo, o may babangon mang sino man pagkamatay mo. **13** At akin namang ibinigay sa iyo ang hindi mo hiningi, ang kayamanan at gayon din ang karangalan, na ano pa't walang magiging gaya mo sa mga hari, sa lahat ng iyong mga araw. **14** At kung ikaw ay lalakad sa aking mga daan, upang ingatnan ang aking mga palatuntunan, at aking mga utos, gaya ng inilakad ng iyong amang si David, akin ngang pahabain ang iyong mga araw. **15** At nagising si Solomon, at, narito, isang panaginip: at siya'y naparoon sa Jerusalem, at tumayo sa harap ng kaban ng tipan ng PANGINOO, at naghandog ng mga handog na susunugin, at naghandog ng mga handog tungkol sa kapayapaan, at gumawa ng kapistahan sa lahat ng kaniyang mga alipin.

**16** Ng magkagayo'y naparoon ang dalawang babayeng, mga dalahira, sa hari, at tumayo sa harap niya. **17** At sinabi ng isang babayeng: Oh panginoo ko, ako, at ang babayeng ito ay tumatahan sa isang bahay; at ako'y nanganak ng isang bata sa bahay na kasama ko siya. **18** At nangyari, sa ikatlong araw pagkatapos na ako'y makapanganak, na ang babayeng ito'y nanganak naman; at kami ay magkasama; walang iba sa amin sa bahay, liban sa kaming dalawa sa bahay. **19** At ang bata ng babayeng ito ay namatay sa kinagabihan; sapagka't kaniyang nahigan. **20** At siya'y nagbangon sa hatang gabi, at kinuha niya ang anak ko sa siping ko, samantalang ang iyong alipin ay natutulong, at inihiga niya sa kaniyang sinapupunan, at inilagay ang kaniyang patay na anak sa aking sinapupunan. **21** At ng ako'y magbangon sa kinaumagahan upang aking pasusubin ang aking anak, narito, patay; nguni't ng aking kilalanin ng kinaumagahan, narito, hindi ang aking anak na aking ipinanganak. **22** At

sinabi ng isang babaye: Hindi; kungdi ang buhay ay aking anak, at ang patay ay iyong anak. At ang isa'y nagsabing: Hindi, kungdi ang patay ay ang iyong anak, at ang buhay ay siyang aking anak. Ganito sila nagsalita sa harap ng hari. **23** Ng magkagayo'y sinabi ng haring: Ang isa'y nagsasabing: Ang aking anak ay ang buhay, at ang iyong anak ay ang patay; at ang isa'y nagsasabing: Hindi; kungdi ang iyong anak ay ang patay, at ang aking anak ay ang buhay. **24** At sinabi ng hari: Dalhan ninyo ako ng isang tabak. At sila'y nagdala ng isang tabak sa harap ng hari. **25** At sinabi ng hari: Bahagihin ang buhay na bata ng dalawa, at ibigay ang kabaak sa isa at ang kabaak ay sa isa. **26** Ng magkagayo'y nag-alita ang babaye na ina ng buhay na bata sa hari, (sapagka't ang kaniyang tiyan ay nagninigas sa kaniyang anak, at sinabi niyang:) Oh panginoo ko, ibigay mo sa kaniya ang buhay na bata, at sa ano mang paraa'y huag mong patayin. Nguni't ang sabi ng isa: Hindi magiging akin o iyo man; hatiin siya. **27** Ng magkagayo'y ang hari ay sumagot, at nagsabing: Ibigay sa kaniya ang buhay na bata, at sa ano mang paraa'y huag patayin: siya ang ina niya. **28** At narinig ng boong Israel ang kahatulan sa inihatol ng hari; at sila'y natakot sa hari: sapagka't kanilang nakita na ang karunungan ng Dios ay nasa kaniya, upang gumawa ng kahatulan.

**4** At ang haring Solomon, ay hari sa boong Israel. **2** At ito ang mga naging puno na nasa kaniya: si Azarias, na anak ng sacerdoteng si Zadok; **3** si Elihoref at si Abias, na mga anak ni Sisa, mga kalihim; si Josafat na anak ni Ahilud, na tagapagpapalala; **4** at si Benaias, na anak ni Joiada ay nasa hukbo; at si Zadok at si Abiatar na mga sacerdote; **5** at si Azarias na anak ni Natan ay nasa mga tagapamahala: at si Zabud na anak ni Natan ang pangulo, na kaibigan ng hari; **6** at si Ahisar ay katiwala; at si Adoniram na anak ni Abda ay nasa buisan. **7** At si Solomon ay may labing dalawang tagapamahala sa boong Israel, na sila ang nagpapakain sa hari, at sa kaniyang kasambahay: bawa't isa sa kanila'y magpapakaing isang buan sa bawa't taon. **8** At ito ang kanilang mga pangalan: si Ben-hur sa lupaing maburod ng Efraim; **9** si Ben-deker sa Makaz, at sa Saalbibim, at sa Bet-emes, at sa Elou-bet-hanan:

**10** si Ben-hesed, sa Arubot; sa kaniya'y nauukol ang Soko, at ang boong lupain ng Hefer: **11** si Ben-abinadab sa boong kartaasan ng Dor; na ang asawa'y si Tafat na anak ni Solomon: **12** si Baana na anak ni Ahilud sa Taanak, at sa Megido, at sa boong Bet-sean na nasa siping ng Zaretan, sa ilalim ng Jezreel, mula sa Bet-sean hangang sa Abel-mehola, na may layong hangang sa dako roon ng Jokmeam: **13** si Ben-geber sa Ramot-gilead; sa kaniya nauukol ang mga bayan ni Jair na anak ni Manases, na nasa Gilead; sa makatuid baga'y sa kaniya nauukol ang lupain ng Argob, na nasa Basan, anim na puong malaking ciudad na may mga kuta at mga halang na tanso: **14** si Ahinadab na anak ni Iddo sa Mahanaim: **15** si Ahimaaz sa Naftali; ito rin ang nag-asawa kay Basemat na anak na babaye ni Solomon; **16** si Baana na anak ni Husai sa Aser at sa Bealot; **17** si Josafat na anak ni Parua sa Isakar; **18** si Simei na anak ni Ela sa Benjamin: **19** si Geber na anak ni Uri sa lupain ng Gilead, na lupain ni Sihong hari ng mga Amorreo, at ni Og na hari sa Basan; at siya lamang ang tagapamahala sa lupaing yaon. **20** Ang Juda at ang Israel ay marami, na gaya ng buhangin sa tabi ng dagat sa karamihan, na kumakain, at umiinom, at nagsasaya.

**21** At si Solomon ay nagpupunu sa lahat ng kaharian na mula sa Ilog hangang sa lupain ng mga Filisteo, at hangang sa hanganan ng Egipto: at sila'y nagdala ng mga kaloob, at naglingkod kay Solomon lahat ng araw ng kaniyang buhay. **22** At ang pagkain ni Solomon para sa isang araw ay tatlong puong takal ng bulaklak ng harina, at anim na puong takal ng harina; **23** sampuon matabang baka, at dalawang puong baka sa pasabsaban, at isang daang tupa, bukod pa ang mga usang lalaki at babaye, at mga usang masungay, at mga pinatabang ibon. **24** Sapagka't siya'y may kapangyarihan sa boong lupain ng dakong ito ng Ilog, mula sa Tifsa hangang sa Gaza, sa lahat ng mga hari sa dakong ito ng Ilog: at siya'y may kapayapaan sa lahat ng dako sa palibot niya. **25** At ang Juda at ang Israel ay tumatahang ligtas, bawata isa'y sa ilalim ng kaniyang puno ng uvat at sa ilalim ng kaniyang puno ng higo, mula sa Dan hangang sa Beer-seba, sa lahat ng araw ni Solomon. **26** At mayroon si Solomong apat na puong libong mga kabayo sa kaniyang mga silu-

ngan para sa kaniyang mga karro, at labing dalawang libong mga kabayang sasakyan. **27** At ang mga tagapamahalang yaon ay naglahanda ng pagkain para sa haring Solomon, at sa lahat na naparoon sa dlulang ng haring Solomon, bawata isa'y sa kaniyang buan; walang nagkukulang na ano man. **28** Cebada naman at dayami para sa mga kabayo, at para sa mga hayop na nagdadala sa lugar na kinararoonan niya, bawata isa'y ayon sa kaniyang katungkulan.

**29** At binigyan ng Dios si Solomon ng karunungan, at katalinuang totoong dakila, at kalakhan ng puso, gaya ng buhangin nasa tabi ng dagat. **30** At ang karunungan ni Solomon ay maliglit kay sa karunungan ng lahat na mga anak ng silanganan, at kay sa boong karunungan ng Egipto. **31** At siya'y lalong pantas kay sa lahat ng tawo; kay sa kay Etan na Ezrahita, at kay Heman, at kay Kalkol, at kay Darda, na mga anak ni Mahol: at ang kaniyang kabantugan ay nakalat sa lahat na mga nasyon sa palibot. **32** At siya'y nagsalita ng tatlong libong kawikaan; at ang kaniyang mga awit ay isang libo at lima. **33** At siya'y nagsalita ng tungkol sa mga puno ng kahoy, mula sa cedro na nasa Lebano hangang sa hisopo na sumisibol sa pader: siya'y nagsalita naman ng tungkol sa mga hayop, at sa mga ibon, at sa mga umuusad, at sa mga isda. **34** At naparoon ang mga tawo sa lahat na bayan, upang dingin ang karunungan ni Solomon, na mula sa lahat na mga hari sa lupa, na nakarinig ng kaniyang karunungan.

**5** At si Hiram na hari sa Tiro ay nagsugo ng kaniyang mga lingkod kay Solomon; mula ng kaniyang marinig na siya'y kanilang pinahiran na hari na kahalili ng kaniyang ama, sapagka't si Hiram ay naging lagim maibigin kay David. **2** At si Solomon ay nagsugo kay Hiram, na nagsabing: **3** Talastas mo na kung paanong si David na aking ama ay hindi nakapagtayo ng bahay para sa pangalan ng PANGINOONG kaniyang Dios dahil sa mga pagbabaka sa palibot niya sa bawata dako, hangang sa inilagay sila ng PANGINOON sa ilalim ng mga talampakan ng kaniyang mga paa. **4** Nguni't ngayoy binigyan ako ng PANGINOONG aking Dios ng kapahinghahan sa bawata dako; wala kahi't kaaway, o masamang nangyayari man. **5** At, narito, ako'y tumalagang magtayo ng bahay para sa pangalan ng PANGINOONG

aking Dios, gaya ng sinalita ng PANĀINOON kay David na aking ama, na nagsabing: Ang iyong anak na aking iniupo sa iyong luklukan na kahalili mo, siya ang magtatayo ng bahay para sa aking pangalan. **6** Ngayon nga'y ipag-utos mo na iputol nila ako ng mga puno ng cedro sa Lebano; at ang aking mga alipin ay makakasama ng iyong mga alipin: at aking bibigyan kita ng kaupahan para sa iyong mga alipin ayon sa lahat na iyong sasabihin: sapagka't iyong talastas na wala sino man sa amin na makapuputol ng mga kahoy ng gaya ug mga Zidonio. **7** At nangyari, ng marinig ni Hiram ang mga salita ni Solomon, na siya'y nagalak na mainam, at nagsabing: Purihin ang PANĀINOON sa araw na ito, na nagbigay kay David ng isang pantas na anak, sa malaking bayang ito. **8** At si Hiram ay nagsugo kay Solomon, na nagsabing: Aking narinig ang pasuyo na iyong ipinasugo sa akin: aking gagawin ang iyong boong nasa tungkol sa kahoy na cedro, at tungkol sa kahoy na abeto. **9** Ang aking mga alipin ay mga magbaba mula sa Lebano hangang sa dagat: at aking mga gagawing mga balsa upang dumaan sa dagat hangang sa lugar na iyong pagtuturoan sa akin, at aking mga ipakakalag doon, at iyong mga tatanggapin: at iyong tutuparin ang aking nasa, na pagbibigay ng pagkain para sa aking kasambahay. **10** Sa gayo'y binigyan ni Hiram si Solomon ng kahoy na cedro, at kahoy na abeto ayon sa kaniyang boong nasa. **11** At binigyan ni Solomon si Hiram ng dalawang puong libong takal na trigo upang pagkain ng kaniyang kasambahay, at dalawang puong takal na taganas na langis: ito'y ibinibigay ni Solomon kay Hiram sa taontaon. **12** At binigyan ng PANĀINOON si Solomon ng karunungan, gaya ng kaniyang ipinangako sa kaniya; at may kapayapaan si Hiram at si Solomon; at silang dalawa'y gumawa ng pagkakasundo.

**13** At ang haring Solomon ay naglagay ng isang pulutong sa boong Israel; at ang pulutong ay tatlong puong libong lalaki. **14** At kaniyang sinusugo sila sa Lebano na sampuonng libo bawat buan na halinhinan: isang buan ay nasa Lebano, at dalawang buan ay sa bahay: at si Adoniram ay nasa pulutong. **15** At si Solomon ay may pitong puong libong nagdadala ng mga pasan, at walong puong libong mga taga-putol sa bundok; **16** bukod pa

ang mga punong tagapamahala ni Solomon na nasa gagawin, na tatlong libo at tatlong daan, na nagpupuno sa bayan na gumagawa ng gagawin. **17** At ang hari ay nag-utos, na magsipagdalala sila ng mga malaking bato, na mga mahalagang bato, para sa mga cimientong ng bahay, at mga batong yari. **18** At hinichurahan ng mga tagapagtayo ni Solomon, at ng mga tagapagtayo ni Hiram at ng mga Gebalita, at inihanda ang mga kahoy, at ang mga bato upang itayo ang bahay.

**6** At nangyari ng ikaapat na raan at walong puong taon ng ang mga anak ng Israel ay lumabas sa lupain ng Egipto, sa ikaapat na taon ng paghahari ni Solomon sa Israel, sa buan ng Ziv, na ikalawang buan, na kaniyang pinasimulang itayo ang bahay ng PANĀINOON. **2** At ang bahay na itinayo ug haring Solomon para sa PANĀINOON, ang haba noo'y anim na puong siko, at ang luang ay dalawang puong siko, at ang taas ay tatlong puong siko. **3** At ang portiko sa tapat ng templo ng bahay, may dalawang puong siko ang haba, ayon sa luang ng bahay; at sampuonng siko ang luang noon sa tapat ng bahay. **4** At iginawa ang bahay ng mga dungawan na natatakpan na may silipan. **5** At sa pader ng bahay siya'y nagtayo ng mga lapag sa palibot, sa mga pader ng bahay sa palibot, gayon din sa templo at sa orakulo: at siya'y gumawa ng mga silid sa tagiliran sa palibot: **6** ang silong ay may limang siko ang luang, at ang sa gitna ay may anim na siko ang luang, at ang ikatlo ay may pitong siko ang luang: sapagka't gumawa ng mga tungtungan sa pader sa labas ng bahay sa palibot, upang ang mga sikang ay huag humawak sa mga pader ng bahay. **7** At ang bahay, ng ginagawa, ay ginawa na mga bato na inihanda mula sa tibagau ng bato: at wala kuhit pamukpok o palakol man, o anong kasangkapan mang bakal na narinig sa bahay, samantalang itinayay. **8** Ang pintuan sa mga tagilirang silid sa gitna ay nasa tagilirang kanan ng bahay: at sa pamamag-itan ng isang hagdang sinusog ay nakapapanhik sa mga gitnang lapag, at mula sa gitna ay sa ikatlo. **9** Sa gayo'y kaniyang itinayo ang bahay, at tinapos at binubungan ang bahay ng mga sikang at mga tabla na cedro. **10** At kaniyang ikinapit ang mga lapag sa boong bahay; na bawat isa'y limang siko ang taas: at kumakapit sa bahay sa pamamag-itan ng kahoy na cedro.

**11** At ang salita ng PANGINOON ay dumating kay Solomon, na nagsabing: **12** Tungkol sa bahay na ito na iyong ginagawa, kung ikaw ay lalakad sa aking mga palatuntunan, at gagawin ang aking mga kahatulan, at iingatan ang aking boong utos upang mga lakaran; akin ngang pagtitibayin ang aking salita sa iyo, na aking sinalita kay David na iyong ama. **13** At ako'y tatahan sa gitna ng mga anak ng Israel, at hindi ko iiwan ang aking bayang Israel.

**14** Sa gayo'y itinayo ni Solomon ang bahay, at tinapos. **15** At kaniyang itinayo ang mga panig sa loob ng bahay ng kahoy na cedro; mula sa lapag ng bahay hangang sa mga panig ng kisame, kaniyang binalot sa loob ng kahoy: at kaniyang tinakpan ang lapag ng bahay ng tabla na abeto. **16** At siya'y naglagay ng isang silid na dalawang puong siko sa pinakaloob ng bahay, ng tabla na cedro mula sa lapag hangang sa mga panig: kaniyang inilagay sa loob para sa orakulo, para sa pinakasantong lugar. **17** At ang bahay, ang bahagi ng templo sa harap ng orakulo ay apat na puong siko ang haba. **18** At may mga kahoy ng cedro sa loob ng bahay na inukitan ng kulukutiang bilog at mga bukung bulaklak: lahat ay cedro; walang batong makikita. **19** At siya'y naghanda ng isang orakulo sa gitna ng pinakaloob ng bahay, upang ilagay doon ang kaban ng tipan ng PANGINOON. **20** At ang loob ng orakulo ay may dalawang puong siko ang haba, at dalawang puong siko ang luang, at dalawang puong siko ang taas: at binalot niya ng taganas na ginto: at binalot niya ang altar ng cedro. **21** Sa gayo'y binalot ni Solomon ang loob ng bahay ng taganas na ginto: at kaniyang pinaraanan ng mga tanikalang ginto ang harapan ng orakulo; at binalot ng ginto. **22** At binalot ang boong bahay ng ginto, hangang sa ang bahay ay natapos: gayon din ang boong altar na nauukol sa orakulo ay kaniyang binalot ng ginto. **23** At sa orakulo ay gumawa siya ng dalawang kerubin na kahoy na olivo, bawat isa'y may sampuon siko ang taas. **24** At limang siko ang isang pakpak ng kerubin, at limang siko ang kabilang pakpak ng kerubin: mula sa dulo ng isang pakpak hangang sa dulo ng kabila ay sampuon siko. **25** At ang isang kerubin ay sampuon siko: ang dalawang kerubin ay may isang sukat at isang anyo. **26** Ang taas ng isang keru-

bin ay may sampuon siko, at gayon din ang isang kerubin. **27** At kaniyang inilagay ang mga kerubin sa pinakaloob ng bahay: at ang mga pakpak ng mga kerubin ay nangakaladlad, na ano pa't ang pakpak ng isa ay sumasagi sa isang panig, at ang pakpak ng ikalawang kerubin ay sumasagi sa kabilang panig; at ang kaniyang mga kabilang pakpak ay nagkakatama sa gitna ng bahay. **28** At kaniyang binalot ang mga kerubin ng ginto. **29** At kaniyang inukitan ang lahat na panig ng bahay sa palibot ng mga ukit na larawan ng mga kerubin, at ng mga puno ng palma, at ng mga bukung bulaklak, sa labas at sa loob. **30** At ang lapag ng bahay ay binalot niya ng ginto, sa labas at sa loob. **31** At para sa pasukan ng orakulo, siya'y gumawa ng mga pintuan na kahoy na olivo: ang itaas ng pintuan at ang mga tukod niya ay ikalimang bahagi ng panig ang laki. **32** Sa gayo'y gumawa siya ng dalawang pinto na kahoy na olivo; at kaniyang inukitan ng mga ukit na mga kerubin, at mga puno ng palma, at mga bukung bulaklak, at mga binalot ng ginto; at kaniyang ikinalat ang ginto sa mga kerubin, at sa mga puno ng palma. **33** Sa gayo'y gumawa naman siya sa pasukan ng templo ng mga tukod ng pintuan na kahoy na olivo, sa ikaapat na bahagi ng panig; **34** at dalawang pintuan na kahoy na abeto; ang dalawang dahon ng isang pinto ay naisasara, at ang dalawang dahon ng kabilang pinto ay naisasara. **35** At kaniyang mga inukitan ng mga kerubin, at mga puno ng palma, at mga bukung bulaklak: at mga binalot niya ng ginto na kapit sa mga ukit na gawa. **36** At kaniyang ginawa ang looban sa loob, na tatlong hanay na batong hinichurahan, at isang hanay na sikang na kahoy na cedro. **37** Sa ikaapat na taon, sa buan ng Ziv, inilagay ang mga cimientong ng bahay ng PANGINOON. **38** At sa ikalabing isang taon, sa buan ng Bul, na siyang ikawalong buan ay natapos ang bahay sa lahat ng bahagi, at ayon sa boong hichura. Na ano pa't pitong taong ginawa.

**7** At itinayo ni Solomon ang kaniyang sariling bahay na labing tatlong taon, at kaniyang natapos ang kaniyang boong bahay. **2** Sapagka't kaniyang itinayo ang bahay sa gubat ng Lebanon; ang haba'y isang daang siko, at ang luang limang puong siko, at ang taas tatlong puong siko, sa apat na hanay na haliling cedro na may sikang na cedro sa ibabaw ng mga

haligi. **3** At binubungan ng cedro sa ibabaw ng apat na puot limang sikang, na nasa ibabaw ng mga haligi; labing lima sa isang hanay. **4** At may mga dungawan sa tatlong hanay, at ang *kaniyang* liwanag ay nagkakatatap, sa tatlong hanay. **5** At ang lahat na mga pinto at ang mga haligi ay mga nahahanayang ng mga cuadro: at ang *kaniyang* liwanag ay nagkakatatap sa tatlong hanay. **6** At kaniyang ginawa ang portiko na mga haligi; ang haba noo'y limang puong siko, at ang luang noo'y tatlong puong siko; at ang isang portiko ay nasa tapat ng mga yaon; at mga haligi at isang tungtungan ay sa tapat ng mga yaon. **7** At kaniyang ginawa ang portiko ng luklukan na kaniyang paglahatulan, ang portiko na hatulan: at nababalot ng cedro sa lapag at lapag. **8** At sa kaniyang bahay na tahanan, may ibang looban, sa loob ng portiko, na sa gayon ding gawa. Kaniyang iginawa rin naman ng bahay ang anak na babaye ni Faraon (na kinuhang asawa ni Solomon,) na kahawig ng portikong ito. **9** Ang lahat na ito'y mga mahalagang bato, mga batang hinichurahang, ayon sa sukat, na nilagari ng mga lagari, sa labas at sa loob, mula sa mga cemento hangang sa kataastaasan, at gayon sa labas hangang sa malaking looban. **10** At ang cimiento ay mga mahalagang bato, mga malaking bato, mga batang may sampuon siko, at mga batang may walong siko. **11** At sa ibabaw ay may mga mahalagang bato, mga hinichurahang bato, at isang hanay na sikang na cedro. **12** At ang malaking looban sa palibot ay may tatlong hanay na hinichurahang bato, at isang hanay na sikang na cedro; gaya ng pinakalob na looban ng bahay ng PANGINOON, at ng portiko ng bahay.

**13** At nagsugo ang haring Solomon, at ipinatawag si Hiram sa Tiro. **14** Siya'y anak ng isang babayeng bae sa angkan ni Naftali, at ang kaniyang ama ay lalaking taga Tiro, na manggagawa sa tanso; at siya'y puspos ng karunungan, at katalinuan, at kabihasaan, upang gumawa ng lahat na gagawin sa tanso. At siya'y naparoon sa haring Solomon, at ginawa ang lahat niyang gagawin. **15** Kaniyang hinichurahang ang dalawang haligi na tanso, na may labing walong siko ang taas ng baw't isa: at isang lubid na may

labing dalawang siko na umiikot sa bilog sa palibot ng baw't isa. **16** At siya'y gumawa ng dalawang kapitel na binubong tanso, upang ilagay sa mga dulo ng mga haligi: ang taas ng isang kapitel ay limang siko, at ang taas ng isang kapitel ay limang siko. **17** May mga yaring lambat na tinahi, at mga tirintas na tinanikalang gawa, para sa mga kapitel na nasa dulo ng mga haligi; pito para sa isang kapitel, at pito para sa kabilang kapitel. **18** Gayon kaniyang ginawa ang mga haligi: at mairong dalawang hanay sa palibot sa ibabaw ng isang yaring lambat, upang takpan ang mga kapitel na nasa dulo ng mga haligi: at gayon ang ginawa niya sa kabilang kapitel. **19** At ang mga kapitel na nasa dulo ng mga haligi sa portiko ay mga lilang yari, na apat na siko. **20** At may mga kapitel naman sa dulo ng dalawang haligi, na malapit sa pinakatiyan na nasa siping ng yaring lambat: at ang mga granada ay dalawang daan, na nahahanay sa palibot sa ikalawang kapitel. **21** At kaniyang itinayo ang mga haligi sa portiko ng templo: at kaniyang itinayo ang kanang haligi, at pinanganalang Jakin: at kaniyang itinayo ang kaliwang haligi, at pinanganalang Boaz. **22** At sa dulo ng mga haligi ay may lilang gawa: sa gayo'y ang gawa sa mga haligi ay natapos. **23** At kaniyang ginawa ang binubong dagat na may sampuon siko mula sa labi't labi, na lubos na mabilog, at ang taas limang siko: at isang lubid na may tatlong puong siko na umiikot sa palibot. **24** At sa ilalim ng labi sa palibot may mga kulukutiing bilog na pumipihit sa palibot, na sampuon sa baw't siko, na kinukulong ang dagat sa palibot: ang mga kulukutiin ay dalawang hanay, na mga babong ng bubein ang binubong dagat. **25** Nakatayo ang dagat sa labing dalawang baka: ang tatlo'y tumitingin sa dakong hilagaan; ang tatlo'y tumitingin sa dakong kalunuran; ang tatlo'y tumitingin sa dakong timugan; at ang tatlo'y tumitingin sa dakong silanganan: at ang dagat ay napapatong sa mga yaon, at ang lahat na luhihan ng mga yaon ay nasa loob. **26** At ang kapal ng dagat ay isang dangkal; at ang labi noon ay yaring gaya ng labi ng isang tasa, gaya ng bulaklak ng lila: naglululan ng dalawang libong bato.\* **27** At siya'y gumawa ng sampuon tungtungang tanso: apat na siko ang haba ng baw't, isa at

\* Bato, ay may labing-apat na sulop.



apat na siko ang luang, at tatlong siko ang taas. **28** At ang pagkayari ng mga tungtungan ay ganitong paraan: may mga kagayakan na mga nasa pag-itan ng mga sugpong: **29** at sa mga kagayakan na nasa pag-itan ng mga sugpong ay may mga leon, mga baka, at mga kerubin at sa itaas ng mga sugpong ng tungtungan kung paano sa ibabaw gay sa ilalim ng mga leon, at mga baka, ay may mga girnald na pangbiting gawa. **30** At bawa't tungtungan ay may apat na gulong na tanso, at mga ejeng tanso: at ang apat na paa noo'y may mga agapay: sa ilalim ng hugasan ay may mga agapay na binubo, na may mga girnald sa siping ng bawa't isa. **31** At ang bunganga noo'y nasa loob ng kapitel, at ang taas may isang siko: at ang bunganga noo'y mabilog ayon sa pagkayari ng haligi, na may isang siko't kalahati: at sa bibig naman noo'y may mga ukit, at ang kanilang mga kagayakan ay kuadrado, hindi mabilog. **32** At ang apat na gulong ay nasa ilalim ng mga kagayakan; at ang mga eje ng mga gulong ay nasa tungtungan: at ang taas ng bawa't gulong ay isang siko at kalahati. **33** At ang pagkagawa ng mga gulong ay gaya ng pagkagawa ng mga gulong ng karro: ang kanilang mga eje, at ang kanilang mga llanta, at ang kanilang mga rayos, at ang kanilang mga kubo ay pawang binubo. **34** At may apat na agapay sa apat na panulok ng bawa't tungtungan: ang mga agapay ay kapieza ng tungtungan. **35** At sa ibabaw ng tungtungan ay may isang bakod na mabilog na may kalahating siko ang taas: at sa ibabaw ng tungtunga'y nandoon ang mga pang-agapay, ang mga kagayakan ay kapieza noon. **36** At sa mga lamina ng mga pang-agapay noon at sa mga kagayakan noon, kaniyang inukitan ng mga kerubin, mga leon, at mga puno ng palma, ayon sa pag-itan ng bawa't isa, na may mga girnald sa palibot. **37** Ayon sa paraang ito ay kaniyang ginawa ang sampuung tungtungan: lahat ng mga yaon ay iisa ang pagkabubo, iisa ang sukot, at iisa ang hichura. **38** At siya'y gumawa ng sampuung hugasan na tanso: isang hugasan ay naglalaman ng apat na puong bato\*: at bawa't hugasan ay may apat na siko: at sa bawa't isa sa sampuung tungtungan ay isang hugasan. **39** At kaniyang inilagay ang mga tungtungan, lima sa kanang tagiliran ng bahay, at lima sa

kaliwang tagiliran ng bahay: at kaniyang inilagay ang dagat sa tagilirang kanan ng bahay sa dakong silanganan, na dakong timugan. **40** At ginawa ni Hiram ang mga hugasan, at ang mga pala, at ang mga mankok. Gayon tinapos gawin ni Hiram ang lahat na gawa na kaniyang ginawa para sa haring Solomon, sa bahay ng PANGINOON: **41** ang dalawang haligi, at ang dalawang kabilugan ng mga kapitel na nasa dulo ng mga haligi; at ang dalawang yaring lambat na tumatakip sa dalawang kabilugan ng mga kapitel na nasa dulo ng mga haligi; **42** at ang apat na raang granada para sa dalawang yaring lambat; ang dalawang hanay na granada para sa bawa't yaring lambat, upang tumakip sa dalawang kabilugan ng mga kapitel na nasa dulo ng mga haligi; **43** at ang sampuung tungtungan, at ang sampuung hugasan sa ibabaw ng mga tungtungan; **44** at ang isang dagat, at ang labing dalawang baka sa ilalim ng dagat; **45** at ang mga paliok, at ang mga pala, at ang mga mankok: lahat ng kasangkapang ito na ginawa ni Hiram para sa haring Solomon, sa bahay ng PANGINOON, ay pawang tansong binuli. **46** Sa kapatagan ng Jordan ay mga binubo ng hari, sa malagkit na lupa na nasa pag-itan ng Sukot at ng Zaretan. **47** At iniwan ni Solomon ang lahat na kasangkapang na hindi tinimbang, sapagka't tootong napakarami: ang timbang ng tanso ay hindi makukuro. **48** At ginawa ni Solomon ang lahat na kasangkapang na nasa bahay ng PANGINOON: ang gintong altar, at ang dulang na ginto na kinarorocnan ng tinapay na handog; **49** at ang mga kandelero na taganas na ginto na lima sa dakong kanan, at lima sa kaliwa sa harap ng orakulo; at ang mga bulaklak, at ang mga ilawan, at mga gunting na ginto; **50** at ang mga kopa, at ang mga gunting, at ang mga mankok, at ang mga panandok, at ang mga pangsuob, na taganas na ginto; at ang mga kawit na ginto maging ang sa mga pintoan ng bahay sa loob, na pinakasantong lugar, at ang sa mga pinto ng bahay, ng templo. **51** Ganito natapos ang boong gawa ng haring Solomon na ginawa sa luhay ng PANGINOON. At ipinasok ni Solomon ang mga bagay na itinalaga ni David na kaniyang ama, ang pilak at ang ginto, at ang mga kasangkapang, at mga

\* Bato, ay may labing-apat na salop.

ipinasok sa mga silid ng kayamanan ng bahay ng PANGINOON.

**8** Ng magkagayo'y ipinisan ni Solomon ang mga matanda ng Israel, at ang lahat na puno sa mga angkan, ang mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang ng mga anak ng Israel, sa haring Solomon sa Jerusalem, upang isampa ang kaban ng tipan ng PANGINOON sa ciudad ni David na siyang Zion. **2** At ang lahat na lalaki sa Israel ay nagpipisan kay haring Solomon sa kapistalian, sa buan ng Etanim, na siyang ikapitong buan. **3** At ang lahat na matanda sa Israel ay napaaroon, at binulat ng mga sacerdote ang kaban. **4** At kanilang isinampa ang kaban ng PANGINOON, at ang dampa ng kapisanan, at ang lahat na santong kasangkapan na nasa Dampa; isinampa ang mga ito ng mga sacerdote at ng mga Levita. **5** At ang haring Solomon at ang boong kapulungan ng Israel na nagpipisan sa kaniya, ay mga kasama niya sa harap ng kaban, na naghahayin ng mga tupa at mga baka, na di masasaysay o mabibilang man dahil sa karamihan. **6** At ipinasok ng mga sacerdote ang kaban ng tipan ng PANGINOON sa lugar niya, sa loob ng orakulo ng bahay, sa pinakasantong lugar, sa ilalim ng mga pakpak ng mga kerubin. **7** Sapagka't nangakabuka ang mga pakpak ng mga kerubin sa lugar ng kaban, at ang mga kerubin ay nagpapalilim sa kaban at sa mga pinga noon sa ibabaw. **8** At ang mga pinga ay totoong mahaba, na ang mga dulo ng mga pinga ay nakikita mula sa santong lugar sa harap ng orakulo; nguni't hindi mga nakikita sa labas: at nandoon hangang sa araw na ito. **9** Walang ano mang bagay sa kaban liban sa dalawang tablang bato na inilagay ni Moises doon sa Horeb, ng ang PANGINOON ay gumawa ng tipan sa mga anak ng Israel, ng sila'y lumabas sa lupain ng Egipto. **10** At nangyari, ng ang mga sacerdote ay lumabas sa santong lugar, na napuno ng alapaap ang bahay ng PANGINOON, **11** na ano pa't ang mga sacerdote ay hindi makatayo upang mamahala dahil sa alapaap: sapagka't pinuno ng kalualhatian ng PANGINOON ang bahay ng PANGINOON.

**12** Ng magkagayo'y nagsalita si Solomon: Ang PANGINOON ay nagsabi na siya'y tahanan sa salimuot na kadilinan. **13** Tunay na ako'y nagtayo sa iyo ng isang bahay na tahanan, ng isang lugar upang

iyong tahanan magpakailan man. **14** At ipinilit ng hari ang kaniyang umkha, at binasbasan ang boong kapulungan ng Israel: at ang boong kapulungan ng Israel ay tumayo. **15** At kaniyang sinabing: Purihin ang PANGINOON, ang Dios ng Israel, na nagsalita ng kaniyang bibig kay David na aking ama, at tinupad ng kaniyang kamay, na sinabing: **16** Mula ng araw na aking ilabas ang aking bayang Israel sa Egipto, hindi ako pumili ng ciudad sa lahat ng angkan ng Israel upang magtayo ng bahay, upang ang aking pangalan ay dumoon; nguni't aking pinili si David upang maging sa aking bayang Israel. **17** Nasa puso nga ni David na aking ama ang ipagtayo ng isang bahay ang pangalan ng PANGINOON, ang Dios ng Israel. **18** Nguni't sinabi ng PANGINOON kay David na aking ama: Sa paraang nasa iyong puso ang ipagtayo ng isang bahay ang aking pangalan, mabuti ang iyong ginawa na *inabala mo* sa iyong puso: **19** gayen ma'y hindi mo itatayo ang bahay; kungdi ang iyong anak na lalabas sa iyong mga balakang, siyang magtatayo ng bahay para sa aking pangalan. **20** At pinagtibay ng PANGINOON ang kaniyang salita na kaniyang sinalita: sapagka't ako'y nagbangon na kahalili ni David na aking ama, at umupo sa luklukan ng Israel, gaya ng ipinangako ng PANGINOON, at nagtayo ako ng bahay para sa pangalan ng PANGINOON, ng Dios ng Israel. **21** At doo'y aking ipinaganda ng isang lugar ang kaban, na kinaroroonan ng tipan ng PANGINOON, na kaniyang ginawa sa ating mga magulang, ng kaniyang ilabas sila sa lupain ng Egipto.

**22** At si Solomon ay tumayo sa harap ng altar ng PANGINOON, sa harap ng boong kapulungan ng Israel, at inunat ang kaniyang mga kamay sa langit: **23** at kaniyang sinabing: Oh PANGINOON Dios ng Israel, walang Dios na gaya mo, sa langit sa itaas, o sa lupa sa ibaba; na siyang nag-iingat ng tipan at ng kaawaan sa iyong mga alipin, na lumalakad sa harap mo ng kanilang boong puso: **24** na siyang nag-iingat sa iyong aliping kay David na aking ama ng iyong ipinangako sa kaniya: oo, ikaw ay nagsalita ng iyong bibig, at tinupad mo ng iyong kamay, gaya sa araw na ito. **25** Ngayon nga, Oh PANGINOON, Dios ng Israel, ingatan mo sa iyong aliping kay David na aking ama ang iyong ipinangako sa kaniya, na iyong sinabing: Hindi

magkukulang sa iyo ng tawo sa aking paningin, upang umupo sa luklukan ng Israel; kung ang iyong mga anak lamang ay mag-iingat ng kanilang lakad, upang lumakad sa harap ko gaya ng inilakad mo sa harap ko. **26** Ngayon nga, Oh Dios ng Israel, isinasamo ko sa iyo na papangyarihin mo ang iyong salita na iyong sinalita sa iyong aliping kay David na aking ama. **27** Ngumi't katotohanan bang tatahan ang Dios sa lupa? narito, ang langit at ang langit ng mga langit ay hindi ka makaya; | gaano pa ng bahay na ito na aking itinayo! **28** Gayon ma'y iyong pagpitanagan ang dalangin ng iyong alipin, at ang kaniyang pamanhik, Oh PANGINOONG aking Dios, na duminig ng daing at ng dalangin na idinalangin ng iyong alipin sa harap mo sa araw na ito: **29** na ano pa't ang iyong mga mata ay idilat sa dakong bahay na ito gabi at araw, sa dakong iyong sinabing: Ang aking pangalan ay doroon, upang dingin ang panalangin na idadalangin ng iyong alipin sa dakong lugar na ito. **30** At dingin mo ang pamanhik ng iyong alipin, at ng iyong bayang Israel, pagka sila'y manalangin sa dakong ito: oo, dingin mo sa langit na iyong tahanang lugar; at pagka iyong narinig, patawarin mo. **31** Kung ang isang tawo ay magkasala laban sa kaniyang kapua, at papanumpa siya upang siya'y sumumpa, at siya'y pumarito at manumpa sa harap ng iyong altar sa bahay na ito: **32** dingin mo nga sa langit, at iyong gawin, at hatulan mo ang iyong mga alipin, na iyong parusahan ang mga masama, upang iyong dalhin ang kaniyang lakad sa kaniyang sariling ulo; at patotohanan ang banal, upang bigyan siya ng ayon sa kaniyang kabanalan. **33** Pagka ang iyong bayang Israel ay masugatan sa harap ng kaaway, dahil sa sila'y nagkasala laban sa iyo; kung sila'y magbalik sa iyo, at isaysay ang iyong pangalan, at dumalangin at mananhik sa iyo sa bahay na ito: **34** dingin mo nga sa langit, at ipatawad mo ang sala ng iyong bayang Israel, at dalhin mo sila uli sa lupain na iyong ibinigay sa kanilang mga magulang. **35** Pagka ang langit ay nasarhan, at walang ulan, dahil sa sila'y nagkasala laban sa iyo; kung sila'y dumalangin sa dako ng lugar na ito, at saysayin ang iyong pangalan, at iwan ang kanilang kasalanan, pagka iyon pinig-hati sila: **36** dingin mo nga sa langit, at

ipatawad mo ang sala ng iyong mga alipin, at ng iyong bayang Israel, na iyong tuturuan sila ng mabuting daan na kanilang lalakaran; at magsungo ka ng ulan sa iyong lupain na iyong ibinigay sa iyong bayan na pinakamana. **37** Kung magkaroon sa lupain ng kagutom, kung magkaroon ng salot, kung magkoroon ng pagkalanta, o amag, balang arbel o balang chasil; kung kulungin sila ng kanilang kaaway sa lupain ng kanilang mga ciudad; ano mang salot, ano mang sakit na magkaroon; **38** ano mang dalangin at pamanhik na gawin ng sino mang tawo, o ng iyong boong bayang Israel, na makikilala ng baw't tawo ang salot sa kaniyang sariling puso, at iunat ang kaniyang mga kamay sa dako ng bahay na ito: **39** dingin mo nga sa langit na iyong tahanang lugar, at ikaw ay magpatawad, at gumawa, at gumanti ka sa baw't tawo ayon sa lahat niyang mga lakad na ang puso ay iyong nakikilala; (sapagka't ikaw, ikaw lamang ang nakakakilala ng mga puso ng lahat ng anak ng mga tawo); **40** upang sila'y matakot sa iyo sa lahat ng araw na kanilang ikabubuhay sa lupain na iyong ibinigay sa aming mga magulang. **41** Bukod dito'y tungkol sa taga ibang lupa, na hindi sa iyong bayang Israel, pagka siya'y magbubuhay sa isang malayong lupain dahil sa iyong pangalan; **42** (sapagka't kanilang maririnig ang iyong dakilang pangalan, at ang iyong makapangyarihang kamay, at ang iyong unat na kamay); pagka siya'y paririto at dadalangin sa dako ng bahay na ito; **43** dingin mo sa langit na iyong tahanang lugar, at gawin mo ang ayon sa lahat na idalangin sa iyo ng taga ibang lupa; upang makilala ng lahat ng bayan sa lupa ang iyong pangalan, ng matakot sa iyo gaya ng iyong bayang Israel, at upang kanilang makilala na ang bahay na ito na aking itinayo ay tinatawag sa pamamag-itan ng iyong pangalan. **44** Kung ang iyong bayan ay lumabas sa pakikipagbaka laban sa kanilang kaaway, saan mo man sila suguin, at manalangin sa PANGINOON sa dako ng ciudad na iyong pinili, at sa dako ng bahay na aking itinayo para sa iyong pangalan: **45** dingin mo nga sa langit ang kanilang dalangin at ang kanilang pamanhik, at alalayan mo ang kanilang usap. **46** Kung sila'y magkasala laban sa iyo, (sapagka't walang tawo na di nagkakasala) at ikaw ay magalit sa kanila, at ibigay mo sila sa kaaway, na ano pa't sila'y dalhing bihag sa lupain

ng kaaway sa malayo o sa maglapit; 47 gayon may' kung sila'y magbulay sa kanilang sarili sa lupain na pagdadalang bilang sa kanila, at magbalik loob, at mamahlik sa iyo sa lapadang pinagdalan sa kanila na bihag, na magsabing: Kuni ay nagkasala, kuni ay gumawa ng kalikuan, kuni ay gumawa ng kasam-an; 48 kung sila'y magbalik sa iyo ng boong puso nila at ng boong kaluluwa nila sa lupain ng kanilang mga kaaway, na nagdala sa kanilang bihag, at manalangin sa iyo sa dako ng kanilang lupain, na iyong ibinigay sa kanilang mga magulang, ng ciudad na iyong pinili, at ng babay na aking itinayo para sa iyong pangalan: 49 dingin mo nga ang kanilang dalangin at ang kanilang pamanhik sa langit na iyong tahananng lugar, at alalayan mo ang kanilang usap; 50 at patawarin mo ang iyong bayan, na nagkasala laban sa iyo, at ang lahat nilang pag-salangsang na kanilang isinalangsiang lalan sa iyo; at mahabag ka sa kanila sa harap noong mga nagalalang bihag sa kanila, upang sila'y mahabag sa kanila: 51 sapagka't sila'y iyong bayan at iyong mana, na iyong inilabas sa Egipto sa gitna ng hurnong bakal: 52 upang ang iyong mga mata'y madilat sa pamanhik ng iyong alipin, at sa pamanhik ng iyong bayang Israel, ng iyong dingin sila sa ano mang panahong kanilang idangin sa iyo. 53 Sapagka't iyong mga inihihalay sa gitna ng lahat ng bayan sa lupa upang maging iyong mana, gaya ng iyong sinalita sa pamamagitan ni Moises na iyong alipin, ng iyong ilabas ang aming mga magulang sa Egipto, Oh Panginoong Dios,

54 At nangyari, na pagkatapos ni Solomon na makapanalangin nitong lahat na dalangin at pamanhik sa PANGINOON, siya'y nagtindig mula sa harap ng altar ng PANGINOON, sa pagkalohod ng kaniyang mga tuhod na ang kaniyang mga kamay ay nakamat sa langit. 55 At siya'y tumayo, at binasaban ang boong kapuluangan ng Israel, na malakas na voces, na sinabing: 56 Purihin ang PANGINOON na nagbigay kapahingahan sa kaniyang bayang Israel, ayon sa lahat na kaniyang ipinangako: walang nagulang na isang salita sa lahat niyang nabating pangako, na kaniyang ipinangako sa pamamagitan ni Moises na kaniyang lingkod. 57 Sumatin ang PANGINOONG ating Dios, kung paanong siya'y sumating mga magulang:

huag niya tayong iwan o pabayaon man; 58 upang kaniyang ihilig ang ating mga puso sa kaniya, upang lumakad sa lahat ng kaniyang mga daan, at bigatan ang ibiniyang mga utos, at ang kaniyang mga palatuntunan, at ang kaniyang mga kahalutalan, na kaniyang inutos sa ating mga magulang. 59 At ang mga salitang ito na aking ipinamanhik sa harap ng PANGINOON ay makapit sa PANGINOONG ating Dios araw at gabi, na kaniyang alalayan ang usap ng kaniyang alipin, at ang usap ng kaniyang bayang Israel, ayon sa kailangan sa araw-araw: 60 upang malaman ng lahat na bayan sa lupa, na ang PANGINOON ay siyang Dios: wala ng iba. 61 Kaya't maging lubos ang inyong puso sa PANGINOONG ating Dios, upang lumakad sa kaniyang mga palatuntunan, at upang inngatan ang kaniyang mga utos, gaya sa araw na'ito. 62 At ang hari, at ang boong Israel na kasama niya, ay naghandog ng hayin sa harap ng PANGINOON. 63 At naghandog si Solomon ng haying mga handog tungkol sa kapayapaan na kaniyang inihandog sa PANGINOON, na dalawang puo't dalawang libong mga baka, at isang daan at dalawang puong libong mga tupa. Ganito nagtalaga ang hari at ang lahat na anak ng Israel sa bahay ng PANGINOON. 64 Ng araw ding yaon ay pinapaging santo ng hari ang gitna ng looban na nasa harap ng bahay ng PANGINOON, sapagka't doon niya inihandog ang handog na susunugin, at ang handog na harina, at ang taba ng mga handog tungkol sa kapayapaan: sapagka't ang tansong altar na nasa harap ng PANGINOON ay tootong maliit na hindi magkaka doon ang handog na susunugin, at ang handog na harina, at ang taba ng mga handog tungkol sa kapayapaan. 65 Sa gayo'y ipinagdiwang ni Solomon ang kapistahan ng panahong yaon, at ng boong Israel na kasama niya, isang malaking kapuluangan na mula sa pasukan sa Homat hangang sa batis ng Egipto, sa harap ng PANGINOONG ating Dios, na pitong araw at pitong araw, sa makatuud bagay labing apat na araw. 66 Ng ikawalong araw kaniyang pinapagpaalam ang bayan, at kanilang binasaban ang hari, at napareon sa kanilang mga daan sa lahat at may masayang puso dahil sa lahat na kabutihan na ipinakita ng PANGINOON kay David na kaniyang alipin, at sa Israel na kaniyang bayan.

67 At nangyari, ng matapos ni Solomon ang pagtatayo ng bahay ng PANGI-

noon, at ng bahay ng hari, at ang lahat na nasa ni Solomon na kaniyang kinalulugurang gawin, **2** na ang PANGINOON'y napakita kay Solomon na ikalawa, gaya ng siya'y pakita sa kaniya sa Gibeon. **3** At sinabi ng PANGINOON sa kaniyang: Aking narinig ang iyong panalangin at ang iyong pamanbik na iyong ginawa sa harap ko: aking pinapaging santo ang bahay na ito na iyong itinayo, upang ilagay ang aking pangalan magpakailan man; at ang aking mga mata, at ang aking puso ay dorooang palagi. **4** At tungkol sa iyo, kung ikaw ay lalakad sa harap ko, gaya ng inilakad ni David, na iyong ama, sa pagtatapat ng puso at sa kabanalan, na gumawa ng ayon sa lahat ng aking iniutos sa iyo, at tingatan ang aking mga palatuntunan at ang aking mga kahatulan: **5** akin ngang itatatag ang luklukan ng iyong kaharian sa Israel magpakailan man, ayon sa aking ipinangako kay David na iyong ama, na sinabing: Hindi magkukulang sa iyo ng lalaki sa luklukan ng Israel. **6** Ngunit kung kayo ay hihiwalay sa pagsunod sa akin, kayo o ang inyong mga anak, at hindi susundin ang aking mga utos, at ang aking mga palatuntunan, na aking inilagay sa harap ninyo, kungdi kayo'y yayaon at maglilingkod sa ibang mga dios, at sasamba sa kanila: **7** akin ngang ihiihiwalay ang Israel sa lupain na aking ibinigay sa kanila; at ang bahay na ito na aking pinapaging santo para sa aking pangalan, aking ihahagis sa aking paningin; at ang Israel ay magiging kawikaan at kabiruan sa gitna ng lahat ng bayan: **8** at бага man ang bahay na ito ay tootong mataas, gayon ma'y ang bawa't magdausa kaniya ay magtataka at susutos at kanilang sasabihing: Bakit ginawa ng PANGINOON ang ganito sa lupain ito, at sa bahay na ito? **9** At sila'y sasagot: Sapagka't kanilang iniwan ang PANGINOONG kanilang Dios na naglabas sa kanilang magulang sa lupain ng Egipto, at nanghawak sa ibang mga dios, at mga sinamba nila, at mga pinaglingkuran nila: at kaya't dinala ng PANGINOON sa kanila ang lahat na kasam-ang ito.

**10** At nangyari, sa katapusan ng dalawang puong taon, sa pinagtayuan ni Solomon ng dalawang bahay, ng bahay ng PANGINOON at ng bahay ng hari, **11** (si Hiram nga na hari sa Tiro ay nagbigay kay Solomon ng mga kahoy na

cedro, at mga kahoy na abeto, at ng ginto, ayon sa boo niyang nasa,) na binigyan nga ng haring Solomon si Hiram ng dalawang puong ciudad sa lupain ng Galilea. **12** At lumabas si Hiram sa Tiro upang tingnan ang mga ciudad na ibinigay ni Solomon sa kaniya; at hindi niya mga minagaling. **13** At kaniyang sinabing: Anong mga ciudad ito na iyong mga ibinigay sa akin, kapatid ko? At tinawag niyang: Lupain ng Kabul, hangang sa araw na ito. **14** At nagpasugo si Hiram sa hari, ng isang daan at dalawaag puong talentong ginto.

**15** At ito ang kadahilanan ng pulutong na pinaata ng haring Solomon; upang itayo ang bahay ng PANGINOON at ang kaniyang bahay, at ang Millo, at ang kuta sa Jerusalem at ang Hazor, at ang Megido, at ang Gezer. **16** Si Faraong hari sa Egipto ay sumampa, at sinakop ang Gezer, at sinunog ng apoy, at pinatay ang mga Kananeo na tumatahan sa ciudad, at ibinigay na pinaka bahagi sa kaniyang anak na babaye, sa asawa ni Solomon. **17** At itinayo ni Solomon ang Gezer at ang Bethoron sa ibaba, **18** at ang Baalat at ang Tamar sa ilang, sa lupain, **19** at ang lahat na ciudad na imbakan na tinatankilik ni Solomon, at ang mga ciudad sa kaniyang mga karro, at ang mga ciudad sa kaniyang mga mangangabayo, at yaong pinagnasaang pagtayaran ni Solomon para sa kaniyang mga kasayahan sa Jerusalem, at sa Lebano, at sa lahat ng lupain na kaniyang sakop. **20** Tungkol sa boong bayan na naiwan, mga Amorreo, mga Hiteo, mga Perizeo, mga Hiveo, at mga Jebuseo, na hindi sa mga anak ng Israel; **21** ang kanilang mga anak na naiwan pagkamatay nila sa lupain, na hindi nalipol na lubos ng mga anak ng Israel, sa kanila nagtingid si Solomon ng pulutong ng alipin, hangang sa araw na ito. **22** Ngunit ang mula sa mga anak ng Israel ay hindi ginawa ni Solomon na mga alipin: kungdi sila'y mga lalaking pangbaka, at kaniyang mga lingkod, at kaniyang mga pangulo, at kaniyang mga kapiitan, at mga puso sa kaniyang mga karro, at sa kaniyang mga mangangabayo. **23** Ito ang mga punong oficial na nasa gagawin ni Solomon, limang daan at limang puo, na nagpupuno sa bayan na gumagawa sa gagawin. **24** Ngunit ang anak na babaye ni Faraon ay sumampa mula sa ciudad ni David sa kaniyang bahay na itinayo ni Solomon para sa kaniya: ng magkagayo'y

kaniyang itinayo ang Millo. **25** At makaitlo sa isang taon naghahandog si Solomon ng mga handog na sasanugin at ng mga handog tungkol sa kapayapaan sa ibabaw ng altar na kaniyang itinayo sa PANGINOON, na nagsusunog ng kamanyan naman sa altar na nasa harap ng PANGINOON. Ganoon niya tinapos ang bahay.

**26** At gumawa ang haring Solomon ng pulitong ng mga sasakyan sa Ezion-geber na nasa siping ng Elot, sa baybayin ng Dagat na Mapula, sa lupain ng Edom.

**27** At sinugo ni Hiram sa mga sasakyan ang kaniyang mga alipin, mga magdadagat na bihasa sa dagat, na kasama ng mga alipin ni Solomon. **28** At sila'y naparoon sa Ofir, at nagdala mula doon ng ginto, na apat na raan at dalawang puong talento, at dinala sa haring Solomon.

**10** At ng marinig ng reina sa Seba ang kabantugan ni Solomon tungkol sa pangalan ng PANGINOON, siya'y naparoon upang tikman niya siya ng mga mahirap na taonong. **2** At siya'y naparoon sa Jerusalem na may maraming kaakbay, may mga kamello na may pasang mga pabaño, at totoong mararing ginto, at mga mahalagang bato: at ng siya'y dumating kay Solomon ay kaniyang inihinga sa kaniya ang lahat na nasa kaniyang puso. **3** At isinaysay ni Solomon sa kaniya ang lahat niyang tanong: walang bagay na lihim sa hari na hindi niya isinaysay sa kaniya.

**4** At ng makita ng reina sa Seba ang buong karunungan ni Solomon, at ang bahay na kaniyang itinayo, **5** at ang pagkain sa kaniyang dulang, at ang hanay ng kaniyang mga alipin, at ang pagharap ng kaniyang mga tagapanahala at ang kanilang mga pananamit, at ang kaniyang mga kopro, at ang kaniyang sampahan na kaniyang sinasampahan sa bahay ng PANGINOON; nawalan ng diwa siya. **6** At sinabi niya sa haring: Tunay na halita ang aking narinig sa aking sariling lupain tungkol sa iyong mga gawa, at sa iyong karunungan. **7** Gayon may hindi ko pinanawalaan ang mga salita hangang sa ako'y dumating, at nakita ng aking mga mata: at, narito, ang kalahati ay hindi nasaysay sa akin: ang iyong karunungan at pagkasulong ay ligt kay sa kabantugan na aking narinig. **8** Maginhawa ang iyong mga balaki, maginhawa ang iyong mga lingkod na ito, na tumatayong palagi sa harap mo, at nakekarinig ng iyong karunungan. **9** Puhin ang PANGINOON ng iyong Deo,

na nalulugod sa iyo, upang ilagay ka sa luklukan ng Israel: sapagka't minamahal ng PANGINOON ang Israel magpakailanman, kaya't ginawa ka niyang hari, upang gumawa ng kahalutlan at ng hatol. **10** At siya'y nagbigay sa hari ng isang daan at dalawang puong talentong ginto, at mga pabaño na totoong sagana, at mga mahalagang bato; kilan may hindi nagkaroon ng gayong kasaganaan ng mga pabaño, gaya ng mga ito na ibinigay ng reina sa Seba sa haring Solomon. **11** At ang mga sasakyan ni Hiram na nagdala ng ginto mula sa Ofir, ay nagdala ng sagawang kahoy na almug at mga mahalagang bato mula sa Ofir. **12** At ginawa na mga haligi ng hari ang mga kahoy na almug para sa bahay ng PANGINOON, at para sa bahay ng hari, mga alpa naman at mga salterio para sa mga mang-aawit: kilan may hindi dumating ang mga gayong kahoy na almug, o nakita man, hangang sa araw na ito. **13** At ang haring Solomon ay nagbigay sa reina sa Seba ng lahat niyang nasa, at lahat niyang himing, bukod doon sa ibinigay ni Solomon sa kaniya na kaloob hari. Sa gayo'y siya'y nagbalik, at naparoon sa kaniyang sariling lupain, siya, at ang kaniyang mga alipin.

**14** Ang timbang nga ng ginto na dumating kay Solomon sa isang taon ay anim na raan at anim na puot anim na talentong ginto, **15** bukod doon sa dinala ng mga magsisinamay, at sa kalakal ng mga mangangalakal, at sa lahat na hari ng halohalong bayan, at sa mga gobernador sa lupain. **16** At ang haring Solomon ay gumawa ng dalawang daang kalasag na pinukpok na ginto; anim na raang siklong ginto ang ginamit sa bawat kalasag. **17** At siya'y gumawa ng tatlong daang ibang kalasag na pinukpok na ginto; tatlong librang ginto ang ginamit sa bawat kalasag: at mga inilagay ng hari sa bahay sa gubat ng Lebano. **18** Bukod dito'y gumawa ang hari ng isang malaking luklukang garing, at binalot ng gintong pinakamainam. **19** May anim na baitang sa luklukan, at ang pinakalangit ng luklukan ay mabilog sa likuran: at may mga pinakakamay sa lawa't tagiliran sa siping ng lugar ng upuan, at dalawang leon ang nakatayo sa siping ng mga pinakakamay. **20** At labing dalawang leon ang nakatayo doon sa isang dako at sa kabilang dako sa ibabaw ng anim na baitang: walang nagawang gayon sa alin mang kaharian

**21** At ang lahat na sisidlang inuman ng haring Solomon ay ginto, at ang lahat na sisidlan sa bahay sa gubat ng Lebano ay tagapas na ginto: walang pilak; hindi mahalaga ito sa mga kaarawan ni Solomon. **22** Sapagka't ang hari ay may sa dagat na mga sasakyan na yari sa Tarsis na kasama ng mga sasakyan ni Hiram: minsan sa baw't tatlong taon ay nanggaling ang mga sasakyan *na yari* sa Tarsis, na nagdadala ng ginto, at pilak, at garing, at mga ungoy, at mga pavo real. **23** Sa gayo'y ang haring Solomon ay humihigit sa lahat ng hari sa lupa sa kayamanan at sa karunungan. **24** At hinanap ng boong lupa ang harapan ni Solomon, upang makinig ng kaniyang karunungan, na inilagay ng Dios sa kaniyang puso. **25** At sila'y nagdadala baw't isa ng kaniyang kaloob, na mga sisidlang pilak, at mga sisidlang ginto, at damit, at sakbat, at mga pabango, mga kabayo, at mga mula, isang gayon taontaon. **26** At pinisan ni Solomon ang mga karro, at ang mga mangangabayo: at siya'y may isang libo't apat na raang mga karro, at labing dalawang libong mangangabayo, na kaniyang mga inilagay sa mga ciudad ng mga karro, at kasama ng hari sa Jerusalem. **27** At ginawa ng hari na maging parang mga bato ang pilak sa Jerusalem, at ang mga cedro ay ginawa niyang maging parang mga puno ng sikomoro na nasa mababang lupa, dahil sa kasaganaan. **28** At ang mga kabayo na tinatankilik ni Solomon ay inilabas sa Egipto; at ang mga mangangalakal ng hari ay tumanggap sa kanila ng kawan, baw't kawan ay sa halaga. **29** At kanilang isinasampa at inilalabas sa Egipto ang isang karro sa *halagang anim* na raang *siklong* pilak, at ang isang kabayo, ay sa isang daan at limang puo: at gayon para sa lahat ng hari sa mga Hiteo, at para sa mga hari sa Siria ay kanilang mga inilabas sa pamamag-itan nila.

**11** Ang haring Solomon nga ay sumisinta sa maraming mga taga ibang lupang babaye na kapisan ng anak ni Faraon, mga babayeng Moabita, Ammonita, Edomea, Zidonia at Hitea; 2 sa mga nasyon na sinabi ng PANGINOON sa mga anak ng Israel: Kayo'y huag sisiping sa kanila o sila man ay sisiping sa inyo: sapagka't walang pagsalang kanilang ililigaw ang inyong puso sa pagsunod sa kanilang mga dios: nasabid si Solomon sa mga ito sa

pag-sinta. **3** At siya'y mairorong pitong daang asawa, na mga princesa, at tatlong daang babaye: at iniligaw ng kaniyang mga asawa ang kaniyang puso. **4** Sapagka't nangyari, ng si Solomon ay matanda na, na iniligaw ng kaniyang mga asawa ang kaniyang puso sa ibang mga dios: at ang kaniyang puso ay hindi dalisay sa PANGINOON kaniyang Dios, na gaya ng puso ni David na kaniyang ama. **5** Sapagka't si Solomon ay sumunod kay Astoret, diosa ng mga Zidonio at sumunod kay Milkom, na kasuklamsuklam ng mga Ammonita. **6** At gumawa si Solomon ng masama sa paningin ng PANGINOON, at hindi sumunod na lubos sa PANGINOON, na gaya ng ginawa ni David na kaniyang ama. **7** Ng magkagayo'y ipinagtayo ni Solomon ng mataas na lugar ang Kemos na kasuklamsuklam ng Moab sa bundok na nasa tapat ng Jerusalem, at ang Molek, na kasuklamsuklam ng mga anak ni Ammon. **8** At gayon ang ginawa niya para sa lahat niyang mga taga ibang lupang asawa, na nagsunog ng mga kamanyan at naghayin sa kanikanilang mga dios.

**9** At ang PANGINOON'y nagalit kay Solomon, dahil sa ang kaniyang puso ay humiwalay sa PANGINOON, sa Dios ng Israel, na napakita sa kaniyang makalawa, **10** at siyang nag-utos sa kaniyang tungkol sa bagay na ito, na siya'y huag sumunod sa ibang mga dios: nguni't hindi niya iningatan ang iniutos ng PANGINOON. **11** Kaya't sinabi ng PANGINOON kay Solomon: Sa paraang ito'y nagawa mo, at hindi mo iningatan ang aking tipan, at ang aking mga palatuntunan na aking iniutos sa iyo, walang pagsalang aking hahapakin ang kaharian sa iyo, at aking ibibigay sa iyong lingkod. **12** Gayon ma'y sa iyong mga araw ay hindi ko gagawin, alang-alang kay David na iyong ama: kungdi sa kamay ng iyong anak aking hahapakin. **13** Gayon ma'y hindi ko hahapakin ang boong kaharian; kungdi ibibigay ang isang angkan sa iyong anak alang-alang kay David na aking lingkod, at alang-alang sa Jerusalem na aking pinili.

**14** At itinindig ng PANGINOON ang isang kaaway kay Solomon, na si Hadad na Edomeo: siya'y sa binhi ng hari sa Edom. **15** Sapagka't nangyari, ng si David ay nasa Edom, at si Joab na puno ng hukbo ay sumampa upang ilibing ang mga patay, at masugatan ang lahat na

lalaki sa Edom; **16** (sapagka't si Job at ang boong Israel ay natira roong anim na buan, hangang sa kaniyang naihiwalay ang lahat na mga lalaki sa Edom;) **17** na si Hadad ay tumakas, siya at ang iba sa mga Edomong kasama niya na mga alipin ng kaniyang ama, upang pumasok sa Egipto; si Hadad ngat'y munting bata pa. **18** At sila'y nagbangon mula sa Midian, at naparoon sa Paran; at kanilang kinuha ang lalaki na kasama niya sa Paran, at sila'y naparoon sa Egipto, kay Faraon na hari sa Egipto; na siyang nagbigay sa kaniya ng bahay, at nagbanta sa kaniya ng pagkain, at nagbigay sa kaniya ng lupa. **19** At si Hadad ay nakasumpung ng malaking biyaya sa paningin ni Faraon, na ano pa't kaniyang ibinigay na asawa sa kaniya ang kapatid ng kaniyang sariling asawa, ang kapatid ni Tapenes na reina. **20** At ipinanganak ng kapatid ni Tapenes sa kaniya si Genulat, na anak niya, na inihiwalay sa suso ni Tapenes sa bahay ni Faraon; at si Genulat ay nasa bahay ni Faraon sa karamahan ng mga anak ni Faraon. **21** At ng marinig ni Hadad sa Egipto na si David ay natulog na kasama ng kaniyang mga magulang, at si Job na puno ng hukbo ay namatay, sinabi ni Hadad kay Faraon: Payaunin mo ako, upang ako'y makaon sa aking sariling lupain. **22** At si Faraon ay sumagot sa kaniyang: Pakit? Anong ipinagkukulang mo sa akin, na, narito, ikaw ay pagsisikap na umowi sa iyong sariling lupain? At siya'y sumagot: Wala: gayon ma'y isinasamo ko sa iyo na payaunin mo ako.

**23** At ang Dios ay nagtindig kay Solomon ng ibang kaaway, si Rezon na anak ni Eliada, na tumakas sa kaniyang panginoong kay Hadadezer na hari sa Zoba: **24** at siya'y nagpisan ng mga lalaki sa kaniya, at naging puno sa isang hukbo, ng patayin ni David ang mga sa Zoba; at sila'y naparoon sa Damasko, at tumahan doon, at naghari sa Damasko. **25** At siya'y naging kaaway ng Israel sa lahat ng araw ni Solomon, bukod sa kasamang ginawa ni Hadad: at kaniyang kinapootan ang Israel, at naghari sa Siria.

**26** At si Jeroboam na anak ni Nebat, na Efrateo sa Zereda, na lingkod ni Solomon, na ang pangalan ng ina ay Zerua, na bang labaye, siya'y nagtaas namon ng kaniyang kamay laban sa hari. **27** At ito ang kadahilanan ng kaniyang pagtataas ng kaniyang kamay laban sa

hari: Itinatayo ni Solomon ang Millo at hinuhusay ang sira ng ciudad ni David na kaniyang ama. **28** At ang lalaking si Jeroboam ay makapangyarihang lalaki na matapang; at ng makita ni Solomon ang buhira na mudi-pag, kaniyang ibinigay sa kaniya ang pamamahala sa lahat na gagawin sa bahay ni Jero. **29** At nangyari, sa panahong yaon ng si Jeroboam ay lamalabas sa Jerusalem, na nasalubong siya ng profeta Abias na Silenita sa daan; si Abias nga ay may suot na bagong kasuotan; at silang dalawa ay nag-iisa sa parang. **30** At tinangnan ni Abias ang bagong kasuotan na nakasuot sa kaniya, at hinapak ng labing dalawang piraso. **31** At kaniyang sinabi kay Jeroboam: Kunin mo sa iyo ang sampupong piraso: sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel: Narito, aking hahapakin ang kakarian sa kamay ni Solomon, at ibibigay ko ang sampupong angkan sa iyo: **32** (ngeni't siya'y magkakaroon ng isang angkan dahil sa aking lingkod na si David, at dahil sa Jerusalem, na ciudad na aking pinili sa lahat ng angkan ng Israel;) **33** sapagka't kanilang pinabayaan ako, at sinamba si Astoret na diosa ng mga Zidonio, si Kemos na dios ng Moab, at si Milkom na dios ng mga anak ni Ammon; at sila'y hindi lumakad ng aking mga lakad upang gawin ang magaling sa aking mga mata, at upang iningatan ang aking mga palatuntunan at ang aking mga kalatulan, na gaya ng ginawa ni David na kaniyang ama. **34** Gayon ma'y hindi ko kukunin ang boong kaharian sa kaniyang kamay: kungdi aking gagawin siyang puno sa lahat ng araw ng kaniyang buhay, dahil kay David na aking lingkod na aking pinili, sapagka't kaniyang iningatan ang aking mga utos, at ang aking mga palatuntunan: **35** kungdi aking kukunin ang kaharian sa kamay ng kaniyang anak, at ibibigay ko sa iyo, sa makatuid baga'y ang sampupong angkan. **36** At sa kaniyang anak, ang ibibigay ko ay isang angkan upang si David na aking lingkod ay magkaroon ng ilawan magpakailan man sa harap ko sa Jerusalem, na ciudad na aking pinili sa akin upang ilagay ang aking pangalan doon. **37** At kukunin kita, at ikaw ay maglahari ayon sa boong ninasa ng iyong kalula, at magiging hari ka sa Israel. **38** At nangyari, kung iyong didingin ang lahat na aking inintos sa iyo, at lalakad sa aking mga daan, at gagawin ang magaling sa



aking mga mata, upang tuparin ang aking mga palatuntunan, at ang aking mga utos, gaya ng ginawa ni David na aking lingkod; na ako'y sasa iyo, at ipagtatayo kita ng isang tiwasay na bahay, gaya ng aking itinayo kay David, at ibibigay ko ang Israel sa iyo. **39** At dahil dito'y aking pipighatiin ang binhi ni David, nguni't hindi magpakailan man. **40** Pinagsikapan nga ni Solomon na patayin si Jeroboam: nguni't si Jeroboam ay nagtindig, at tumakas na napasa Egipto, kay Sisak, na hari sa Egipto, at dumoon sa Egipto hangang sa kamatayan ni Solomon.

**41** Ang iba sa mga gawa ni Solomon, at ang lahat na kaniyang ginawa, at ang kaniyang karunungan, (hindi ba nasulat sa libro ng mga gawa ni Solomon? **42** At ang panahon na ipinaghari ni Solomon sa Jerusalem sa boong Israel ay apat na puong taon. **43** At natulog si Solomon na kasama ng kaniyang mga magulang, at nalibing sa ciudad ni David na kaniyang ama: at si Rehoboam, na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**12** At si Rehoboam ay naparoon sa Sekem: sapagka'tang boong Israel ay naparoon sa Sekem upang gawin siyang hari. **2** At nangyari, ng marinig ni Jeroboam na anak ni Nebat na nasa Egipto; (sapagka't siya'y tumakas mula sa harap ng haring Solomon, at tumahan sa Egipto,) **3** na sila'y nagsugo at tinawag nila siya: si Jeroboam nga at ang boong kapulungan ng Israel ay naparoon, at nagsalita kay Rehoboam, na sinabing: **4** Pinabigat ng iyong ama ang aming pamatok: ngayon nga'y pagaanin mo ang mabigat na paglilingkod sa iyong ama, at ang mabigat niyang pamatok na ipinatong niya sa amin, at kami ay maglilingkod sa iyo. **5** At sinabi niya sa kanilang: Kayo'y yumaon na tatlong araw, at magbalik nga uli kayo sa akin. At ang bayan ay yumaon. **6** At ang haring Rehoboam ay kumuhang payo sa mga matanda na tumayo sa harap ni Solomon na kaniyang ama samantalang nabubuhay pa, na sinabing: ¿Anong payo ang ibinibigay niyo sa akin, upang magbalik ng sagot sa bayang ito? **7** At nagsalita sa kaniya, na nagsbing: Kung ikaw ay magiging alipin sa bayang ito sa araw na ito, at maglilingkod sa kanila, at sasagot sa kanila, at magsasalita ng mabuting mga salita sa kanila, iyo ngang magiging alipin

sila magpakailan man. **8** Nguni't iniwan niya ang payo ng mga matanda na kanilang ibinigay sa kaniya, at kumuhang payo sa mga binata na lumaking kasabay niya, na tumayo sa harap niya. **9** At sinabi niya sa kanilang: ¿Anong payo ang ibinibigay niyo, upang maibalik nating sagot sa bayang ito, na nagsalita sa akin, na nagsabing: Pagaanin mo ang pamatok na ipinatong ng iyong ama sa amin? **10** At ang mga binata na lumaking kasabay niya ay nagsalita sa kaniya, na nagsabing: Ganito ang iyong sasabihin sa bayang ito na nagsalita sa iyo, na nagsabing: Pinabigat ng iyong ama ang aming pamatok, nguni't pagaanin mo sa amin; ganito ang iyong sasalitin sa kanila: Ang aking kalingkingan ay makapal kay sa mga balakang ng aking ama. **11** At sa paraan ngang pinatungan kayo ng aking ama ng mabigat na pamatok, akin dadagdagan ang inyong pamatok: pinarusahan kayo ng aking ama ng mga latigo, nguni't parurusahan ko kayo ng mga alagdan. **12** Sa gayo'y naparoon si Jeroboam at ang boong bayan kay Rehoboam ng ikatlong araw, gaya ng iniutos ng hari, na sinabing: Bumalik kayo sa akin sa ikatlong araw. **13** At ang hari ay sumagot sa bayan na may katigasan, at iniwan ang payo na ibinigay sa kaniya ng mga matanda; **14** at nagsalita sa kanila ayon sa payo ng mga binata, na nagsabing: Pinabigat ng aking ama ang inyong pamatok, nguni't dadagdagan ko pa ang inyong pamatok: pinarusahan kayo ng aking ama ng mga latigo, nguni't parurusahan ko kayo ng mga alagdan. **15** Sa gayo'y hindi dininig ng hari ang bayan; sapagka't bagay na buhat sa PANGINOON upang kaniyang itatag ang kaniyang salita, na sinalita ng PANGINOON sa pamamag-itan ng kamay ni Ahiass sa Silonita kay Jeroboam na anak ni Nebat. **16** At ng makita ng boong Israel na hindi sila dininig ng hari, sumagot ang bayan sa hari, na nagsabing: ¿Anong bahagi mairoon kami kay David? at wala man kaming mana sa anak ni Jesse: sa iyong mga dampa, Oh Israel: ngayon ay tumingin ka sa iyong sariling bahay, David. Sa gayo'y yumaon ang Israel sa kanilang mga dampa. **17** Nguni't tungkol sa mga anak ng Israel na tumahan sa mga ciudad nang Juda, ay pinagharian sila ni Rehoboam. **18** Ng magkagayo'y sinugo ng haring Rehoboam si Adoram na nasa buisan; at binato ng boong Israel

siya n̄ mga bato, na ano pa't siya'y namatay. At nagmadali ang haring Rehoboam na sumakay sa kaniyang karo, upang tumakas na pasa Jerusalem. 19 Gayon nanghimagsik ang Israel laban sa bahay ni David, hangang sa araw na ito. 20 At nangyari, n̄ marinig n̄ boong Israel na si Jeroboam ay nagbalik, na sila'y nagsugo at tinawag siya sa kapulungan, at ginawa siyang hari sa boong Israel: walang sumunod sa bahay ni David, kungdi ang angkan n̄ Juda lamang.

21 At n̄ dumating si Rehoboam sa Jerusalem, kaniyang pinisan ang boong bahay n̄ Juda, at ang angkan n̄ Benjamin, na isang daan at walong puong libo na piling lalaki, na mga mangbabaka, upang bumaka laban sa bahay n̄ Israel, upang ihalik ang kaharian kay Rehoboam na anak ni Solomon. 22 Ngunit ang salita n̄ Dios ay dumating kay Semaya na lalaki n̄ Dios, na nagsabing: 23 Salitain mo kay Rehoboam na anak ni Solomon, na hari sa Juda, at sa boong bahay n̄ Juda, at n̄ Benjamin, at sa nalabi sa bayan, na nagsabing: 24 Ganito ang sabi n̄ PANGINOON: Kayo'y huag samapa, o baka man laban sa inyong mga kapatid na mga anak n̄ Israel: magbalik ang bawata isa sa kaniyang bahay; sapagka't ang bagay na ito ay sa akin. Sa gayo'y kanilang dininig ang salita n̄ PANGINOON, at sila'y nagbalik at yumaon, ayon sa salita n̄ PANGINOON.

25 N̄ magkagayo'y itinayo ni Jeroboam ang Sekem sa lupaing maburok n̄ Efraim, at tumahan doon; at siya'y unalis mula roon, at itinayo ang Penuel. 26 At sinabi ni Jeroboam sa kaniyang puso: Ngayo'y mababalik ang kaharian sa bahay ni David: 27 kung ang bayang ito ay sumampa upang maghandog n̄ mga hayin sa bahay n̄ PANGINOON sa Jerusalem, ang puso nga n̄ bayang ito'y mababalik sa kanilang panginoon, kay Rehoboam na hari sa Juda; at ako'y papatayin nila, at mababalik kay Rehoboam na hari sa Juda. 28 Kayat' ang hari ay kumuhang payo, at gumawa n̄ dalawang guyang ginto; at sinabi niya sa kanilang: Totoong higit para sa inyo na sumampa sa Jerusalem; narito, ang iyong mga dios, Oh Israel, na iyong isinampa mula sa lupain n̄ Egipto. 29 At inilagay niya ang isa sa Bet-el, at ang isa'y inilagay sa Dan. 30 At ang bagay na ito ay naging kasalanan; sapagka't ang bayan ay su-

mampa upang sumampa sa harap n̄ isa, hangang sa Dan. 31 At siya'y gumawa n̄ mga bahay sa mga mataas na lugar, at naghalal n̄ mga sacerdote sa boong bayan na hindi sa mga anak ni Levi. 32 At si Jeroboam ay nag-utos n̄ isang kapistahan sa ikawalong buan, sa ikalabing limang araw n̄ buan, gaya n̄ kapistahan sa Juda, at siya'y sumampa sa altar; gayon ang ginawa niya sa Bet-el, na kaniyang hinahayinan ang mga guya na kaniyang ginawa: at kaniyang mga inilagay sa Bet-el ang mga sacerdote sa mataas na lugar, na kaniyang mga inihalal. 33 At siya'y sumampa sa altar na kaniyang ginawa sa Bet-el n̄ ikalabing limang araw sa ikawalong buan, sa buan na kaniyang inakala sa kaniyang puso: at kaniyang ipinag-utos ang isang kapistahan sa mga anak n̄ Israel, at sumampa sa altar upang magsunog n̄ kamanyan.

13 At, narito, dumating ang isang lalaki n̄ Dios na mula sa Juda ayon sa salita n̄ PANGINOON sa Bet-el: at si Jeroboam ay nakatayo sa siping n̄ altar upang mag-sunog n̄ kamanyan. 2 At siya'y sumigaw laban sa altar ayon sa salita n̄ PANGINOON, at nagsabing: Oh altar, altar, ganito ang sabi n̄ PANGINOON: Narito, na isang bata'y ipanganganak sa bahay ni David na sa pangalan ni Josias; at sa iyo'y maghahayin ang mga sacerdote sa mga mataas na lugar na nagsusunog n̄ kamanyan sa iyo, at mga buto n̄ mga tawo ang kanilang susunugin sa iyo. 3 At siya'y nagbigay n̄ tanda n̄ araw ding yaon, na nagsabing: Ito ang tanda na sinalita n̄ PANGINOON: Narito, ang altar ay mahahapak, at ang mga abo na nasa ibabaw ay mabubuhos. 4 At nangyari, n̄ marinig n̄ hari ang sabi n̄ lalaki n̄ Dios, na siya'y sumisigaw laban sa altar sa Bet-el, na ibinunt ni Jeroboam ang kaniyang kamay mula sa altar, na nagsabing: Ihulihin siya. At ang kaniyang kamay na kaniyang ininunt laban sa kaniya ay natuyo, na ano pa't hindi niya napabalik uli sa dati. 5 Ang altar naman ay nahapak, at ang mga abo ay nabuhos mula sa altar, ayon sa tanda na ibinigay n̄ lalaki n̄ Dios ayon sa salita n̄ PANGINOON. 6 At ang hari ay sumagot, at nagsabi sa lalaki n̄ Dios: Isamo mo ngayon ang biyaya n̄ PANGINOONG iyong Dios, at idalangin mo ako, upang ang aking kamay ay gumaling. At isinama n̄ lalaki n̄ Dios sa PANGINOON, at

ang kamay ng hari ay gumaling uli, at naging gaya ng dati. **7** At sinabi ng hari sa lalaki ng Dios: Umuwi kang kasama ko, at magpaginhawa ka, at bibigyan kita ng kagantihan. **8** At sinabi ng lalaki ng Dios sa hari: Kung ang ibibigay mo sa akin ay kalahati ng iyong bahay ay hindi ako yayaong kasama mo, o kakain man ako ng tinapay o iinom man ako ng tubig sa lugar na ito: **9** Sapagka't gayon ibinilin sa akin sa pamamagitan ng salita ng PANGINOON, na sinabing: Huag kang kakain ng tinapay, o iinom man ng tubig, o magbabalik man sa daan na iyong pinangalingan. **10** Sa gayo'y siya'y yumaon sa ibang daan, at hindi na nagbalik sa daan na kaniyang pinangalingan sa Bet-el.

**11** Tumatahan nga ang isang matandang profeta sa Be-tel; at isa sa kaniyang mga anak ay naparoon, at dagsaysay sa kaniya ng labat na mga gawa na ginawa ng lalaki ng Dios ng araw na yaon sa Bet-el: ang mga salita na kaniyang sinalita sa hari, mga isinaysay naman nila sa kanilang ama. **12** At sinabi ng kanilang ama sa kanilang: ¿Saan siya napatungo? At itinuro sa kaniya ng kaniyang mga anak ang daang pinatunguhan ng lalaki ng Dios, na nangaling sa Juda. **13** At sinabi niya sa kaniyang mga anak: Ihanda ninyo sa akin ang asno. Sa gayo'y kanilang inihanda ang asno sa kaniya: at kaniyang sinakyan. **14** At kaniyang siuundan ang lalaki ng Dios, at nasumpungan niyang nakaupo sa ilalim ng isang puno ng encina: at sinabi niya sa kaniyang: ¿Ikaw ba ang lalaki ng Dios na nangaling sa Juda? At sinabi niyang: Ako nga. **15** Ng magkagayo'y sinabi niya sa kaniyang: Umuwi kang kasama ko, at kumain ng tinapay. **16** At sinabi niyang: Hindi ako makababalik na kasama mo, o makapapasok na kasama mo: o makakain man ng tinapay o makaiinom man ng tubig na kasalo mo sa lugar na ito; **17** sapagka't isinaysay sa akin sa pamamagitan ng salita ng PANGINOON: Huag kang kakain ng tinapay o iinom man ng tubig doon, o magbabalik man na yumaon sa daan na iyong pinangalingan. **18** At sinabi niya sa kaniyang. Ako naman ay profeta na gaya mo; at isang angel ay nagsalita sa akin sa pamamagitan ng salita ng PANGINOON, na nagsabing: Ibalik mo siya na kasama mo sa iyong bahay, upang siya'y makakain ng tinapay at makaiinom ng tubig. Ngunit siya'y nagbulaan sa kaniya. **19** Sa gayo'y siya'y

nagbalik na kasama niya, at kumain ng tinapay sa kaniyang bahay at uminom ng tubig. **20** At nangyari, samantalang sila'y nauupo sa dulang, na ang salita ng PANGINOON ay dumating sa profeta na ipinabalik sa kaniya: **21** at siya'y sumigaw sa lalaki ng Dios na nangaling sa Juda, na sinabing: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Sa paraang ikaw ay naging manunuay sa bibig ng PANGINOON, at hindi mo iningatan ang utos na iniutos ng PANGINOON sa iyo. **22** kungdi ikaw ay nagbalik at kumain ng tinapay, at uminom ng tubig sa lugar na kaniyang pinagsabihan sa iyong: Huag kang kumain ng tinapay, at huag kang uminom ng tubig; ang iyong bangkay ay hindi darating sa libingan ng iyong mga magulang. **23** At nangyari, pagkatapos na kaniyang makain ang tinapay, at pagkatapos na makaiinom, na inihanda niya sa kaniya ang asno, para sa profeta na kaniyang ipinabalik. **24** At ng siya'y makayaon, isang leon ay nasalubong niya sa daan, at pinatay siya: at ang kaniyang bangkay ay nakahagis sa daan, at ang asno ay nakatayo sa siping; ang leon naman ay nasa siping ng bangkay. **25** At, narito, ang mga lalaki ay nagdaan, at nakita ang bangkay na nakahagis sa daan, at ang leon ay nakatayo sa siping ng bangkay: at sila'y yumaon at isinaysay nila sa ciudad na kinatatalanan ng matandang profeta. **26** At ng marinig ng profeta na nagpabalik sa kaniya sa daan, sinabi niyang: Lalaki nga ng Dios, na manunuay sa bibig ng PANGINOON: kaya't ibinigay siya ng PANGINOON sa leon, na lumapa sa kaniya at pumatay sa kaniya ayon sa salita ng PANGINOON, na sinalita sa kaniya. **27** At sinalita niya sa kaniyang mga anak, na sinabing: Ihanda ninyo sa akin ang asno. At kanilang inihanda. **28** At siya'y yumaon, at nasumpungan ang kaniyang bangkay na nakahagis sa daan, at ang leon at ang asno ay nakatayo sa siping ng bangkay: hindi nilalamon ng leon ang bangkay, o nilalapa man ng asno. **29** At kinuha ng profeta ang bangkay ng lalaki ng Dios, at ipinatong sa asno, at ibinalik: at naparoon sa ciudad ang matandang profeta, upang tumangis, at ilibing siya. **30** At inilagay niya ang kaniyang bangkay sa kaniyang sariling libingan; at kanilang tinangisan siya, na sinabing: Ay kapatid ko! **31** At nangyari, pagkatapos na kaniyang mailibing, na siya'y nagsalita sa kaniyang mga anak, na sinabing: Pagka ako'y namatay, ilibing

ninyo nga ako sa libingan na pinaglibingan sa lalaki ng Dios; ilagay ninyo ang aking mga buto sa siplog ng kaniyang mga buto. **32** Sapagka't ang sabi na kaniyang isinigaw sa pamamagitan ng salita ng PANGINOON laban sa altar sa Bet-el, at laban sa labat ng bahay sa mga mataas na lugar, na nasa mga ciudad ng Samaria, ay walang pag-alang mangyayari.

**33** Pagkatapos ng bagay na ito, si Jeroboam ay hindi lumawalay sa kaniyang masamang lakad, kungdi gumawa uli mula sa buong bayan ng mga sacerdote sa mga mataas na lugar: Sino mang may ibig, kaniyang ibinatalaga upang magkaroon ng mga sacerdote sa mga mataas na lugar. **34** At ang lagay na ito ay naging kasalanan sa bahay ni Jeroboam, kaya't inihwalay at nilipol sa balat ng lupa.

**14** Ng panahong yaon si Abias na anak ni Jeroboam ay nagkasakit. **2** At sinabi ni Jeroboam sa kaniyang asawa: Magbangon ka, isinasamo ko sa iyo, at magpakunari kang iba upang huag kang makilala na asawa ni Jeroboam; at pumaroon ka sa Silo, narito, nandito si Abias na profeta na nagsalita tungkol sa akin, na ako'y magiging hari sa bayang ito. **3** At magdala ka ng sampuonang tinapay, at mga mamon, at isang bangang pulat, at paron ka sa kaniya: kaniyang sasaysayin sa iyo kung ano ang mangyayari sa bata. **4** At ginawang gayon ng asawa ni Jeroboam, at nagbangon, at naparoon sa Silo, at naparoon sa bahay ni Abias. Si Abias nga ay di na makakita; sapagka't ang kaniyang mga mata'y mga lagay na, dahil sa kaniyang gulang. **5** At sinabi ng PANGINOON kay Abias: Narito, ang asawa ni Jeroboam ay naparirito na tinatanong ka tungkol sa kaniyang anak; sapagka't siya'y may sakit: ganito't ganito ang iyong sasabihin sa kaniya: sapagka't mangyayari, pagka siya'y pumasok, na siya'y magpapakunari na ibang babaye. **6** At nagkagayon, ng marinig ni Abias ang tunog ng kaniyang mga paa, pagpasok niya sa pintuan, na sinabi niyang: Pumasok ka, ikaw, na asawa ni Jeroboam; bakit ikaw ay nagpapakunaring iba? sapagka't ako'y nasugo sa iyo na may masamang balita. Ikaw ay yumaon na saysayin mo kay Jeroboam. **7** Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel: Sa paraang kita'y itinaas sa gitna ng bayan, at ginawa kitang puno sa aking bayang Israel. **8** at

hinapak ang kaharian mula sa bahay ni David, at ibinigay sa iyo: at gayon may ikaw ay hindi naging gaya ng lingkod kang si David, na siyang nag-ingat ng ating mga utos, at sumunod sa akin ng kaniyang boong puso, upang gawin ang mabuti lamang sa aking mga mata; kungdi ikaw ay gumawa ng masama na ligt kay sa labat ng uuna sa iyo, at ikaw ay yumaon, at gumawa ka sa gabang iyo ng mga ibang dios, at mga larawang binubo upang ipamungkahi mo ako sa galit, at inihagis mo ako sa iyong likerang: **10** kaya't, narito, ako'y magdadala ng kasaman sa bahay ni Jeroboam, at aking ihihwalay kay Jeroboam ang bawat batang lalaki, siya na nasarhan, at siya na naiwan sa Israel, at aking lubos na papalisin ang bahay ni Jeroboam, kung paunong pinapalis ng isang tawo ang dumi, hangang sa malnis. **11** Ang mamatay kay Jeroboam sa ciudad ay kakanin ng mga aso; at ang mamatay sa perang ay kakanin ng mga ibon sa himpapawid: sapagka't sinalita ng PANGINOON. **12** Magbangon ka nga, umowi ka sa iyong bahay: pagpasok ng iyong mga paa sa ciudad ay mamamatay ang bata. **13** At tatangisan siya ng boong Israel, at lilibing siya; sapagka't siya lamang ang kay Jeroboam na darating sa libingan: sapagka't sa kaniya'y nakakasumpung sa bahay ni Jeroboam, ng ano mang bagay na mabuti sa PANGINOON, sa Dios ng Israel. **14** Bukod dito'y nagtitindig ang PANGINOON ng isang hari sa Israel, na siyang maghiliwalay ng bahay ni Jeroboam sa araw na yaon; ugumit ano ang mangyayari ngayon? **15** Sapagka't susugatan ng PANGINOON ang Israel ng gaya ng isang tambo na gumagalaw sa tubig; at kaniyang bubumutin ang Israel dito sa mabuting lupa na ibinigay sa kanilang mga magulang, at pangangalatin sila sa dako roon ng Dag; dahil sa kanilang ginawa ang kanilang mga Ashera, na minungkahi ang PANGINOON sa galit. **16** At kaniyang pababayaang ang Israel dahil sa mga kalunan ni Jeroboam, na kaniyang ipinagkasala, at ipinasala sa Israel. **17** At ang asawa ni Jeroboam ay nagtindig, at yumaon, at naparoon sa Tirza: at pagpasok niya sa pasukan ng bahay, ang bata'y namatay. **18** At inilibing siya ng boong Israel, at tatangisan siya; ayon sa salita ng PANGINOON na kaniyang sinalita sa pamamagitan ng kamay ng kaniyang lingkod na si Abias na

profeta. **19** At ang nalabi sa gawa ni Jeroboam, kung paanong siya'y nakipagbaka, at kung paanong siya'y naghari, narito, nangasusulat sa libro ng alaala sa mga hari ng Israel. **20** At ang mga araw na ipinaghari ni Jeroboam ay daiawang puo't dalawang taon: at siya'y natulog na kasama ng kaniyang mga magulang, at si Nadab na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**21** At si Rehoboam na anak ni Solomon ay naghari sa Juda. Si Rehoboam ay apat na puo't isang taon ng siya'y magpasimulang maghari, at siya'y naghari na labing pitong taon sa Jerusalem, na ciudad na pinili ng PANGINOON sa lahat ng angkan ng Israel, upang ilagay ang kaniyang pangalan doon: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Naama na Ammonita. **22** At gumawa ang Juda ng masama sa paningin ng PANGINOON; at kanilang minungkahi siya sa patinibugho sa pamanag-itan ng kanilang mga kasalanan na kanilang nakamit, na higit kay sa lahat na ginawa ng kanilang mga magulang. **23** Sapagka't sila'y nagtayo naman sa kanila ng mga mataas na lugar, at ng mga haligi, at ng mga Ashera, sa bawa't mataas na burol, at sa ilalim ng bawa't sariwang kahoy; **24** at nagkaroon naman ng mga sodoma ang lupain: sila'y gumawa ng ayon sa lahat na kasuklamsuklam ng mga nacion na pinalayas ng PANGINOON sa harap ng mga anak ng Israel. **25** At nangyari, sa ikalimang taon ng haring Rehoboam, na si Sisak na hari sa Egipto ay sumampa laban sa Jerusalem: **26** at kaniyang dinala ang mga kayamanan ng bahay ng PANGINOON, at ang mga kayamanan ng bahay ng hari; kaniya ngang kinubang lahat: at kaniyang kinuha ang lahat na kalasag na ginto na ginawa ni Solomon. **27** At ang haring Rehoboam ay gumawa ng mga kalasag na tanso sa lugar ng mga yaon, at mga ipinagkatiwala sa mga kamay ng mga kapitan ng bantay, na nag-iingat ng pintuan ng bahay ng hari. **28** At pagka nanasok ang hari sa bahay ng PANGINOON, ay mga dinadala ng bantay, at mga ibinabalik sa silid ng bantay. **29** Ang iba sa mga gawa ni Rehoboam at lahat na mga bagay na kaniyang ginawa, hindi ba nasusulat sa libro ng mga alaala sa mga hari sa Juda? **30** At may pagbabaka si Rehoboam at si Jeroboam na palagi. **31** At si Rehoboam ay natulog na kasama ng kaniyang mga magulang, at nalibing na ka-

sama ng kaniyang mga magulang sa ciudad ni David: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Naama na Ammonita. At si Abiam na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**15** Ng ikalabing walong taon nga ng haring Jeroboam, na anak ni Nebat, ay nagpasimula si Abiam na maghari sa Juda. **2** Tatlong taong naghari sa Jerusalem siya: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Maaka na anak ni Abisalom. **3** At siya'y lumalakad sa lahat ng mga kasalanan ng kaniyang ama na ginawa nito na una sa kaniya: at ang kaniyang puso ay hindi dalisay sa PANGINOON kaniyang Dios, na gaya ng puso ni David na kaniyang magulang. **4** Gayon ma'y dahil kay David ay binigyan siya ng PANGINOON na kaniyang Dios ng isang ilawan sa Jerusalem, upang itaas ang kaniyang anak pagkamatay niya, at upang itatag sa Jerusalem: **5** sapagka't ginawa ni David ang mabuti sa mga mata ng PANGINOON, at hindi lumiko sa ano mang bagay na inutos niya sa kaniya sa lahat ng araw ng kaniyang buhay, liban lamang sa bagay ni Urias na Hiteo. **6** May pagbabaka nga si Rehoboam at si Jeroboam sa lahat ng araw ng kaniyang buhay. **7** At ang nalabi sa mga gawa ni Abiam, at sa lahat niyang ginawa, hindi ba nasusulat sa libro ng alaala sa mga hari sa Juda? At may pagbabaka si Abiam at si Jeroboam. **8** At si Abiam ay natulog na kasama ng kaniyang mga magulang; at inilibing nila siya sa ciudad ni David; at si Asa na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**9** At ng ikadalawang puong taon ni Jeroboam na hari sa Israel ay nagpasimula si Asa na maghari sa Juda. **10** At apat na puo't isang taong naghari siya sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Maaka, na anak ni Abisalom. **11** At ginawa ni Asa ang mabuti sa mga mata ng PANGINOON, gaya ng ginawa ni David na kaniyang magulang. **12** At kaniyang pinalayas ang mga sodomita sa lupain, at inalis ang lahat ng idolo na ginawa ng kaniyang mga magulang. **13** At si Maaka naman na kaniyang ina ay inalis niya sa pagkareina, sapagka't siya'y gumawa ng kasuklamsuklam na larawan na pinaka Ashera; at sinunog ni Asa ang kaniyang larawan, at sinunog sa batis na Kidron. **14** Nguni't ang mataas na lugar ay hindi naalis: gayon ma'y ang puso ni Asa ay dalisay sa PANGINOON sa lahat ng kani-

yang kaarawan. **15** At kaniyang ipinasok sa bahay ng PANGINOON ang mga bagay na itinalaga ng kaniyang ama, at ang mga bagay na itinalaga niya, pilak, at ginto, at mga sisidlan. **16** At may pagbabaka si Asa at si Baasa na hari sa Israel sa boong kanilang kaarawan. **17** At si Baasa na hari sa Israel ay sumampa laban sa Juda, at itinayo ang Rama, upang huag niyang matis na sino ma'y lumabas o pumaroon kay Asa na hari sa Juda. **18** Ng magkagayo'y kinuha ni Asa ang lahat na pilak at ginto na naiwan sa mga kayamanan ng bahay ng PANGINOON, at sa mga kayamanan ng bahay ng hari, at mga ibinigay sa kainay ng kaniyang mga lingkod: at sinugo sila ng haring Asa kay Ben-hadad na anak ni Tabrimon, na anak ni Hezion, na hari sa Siria, na tumatahan sa Damasko, na nagsabing: **19** May pagkakasundo ako at ikaw, ang aking ama at ang iyong ama: narito, aking ipinadala sa iyo ang isang kalcob na pilak, at ginto; ikaw ay yumaon, sirain mo ang iyong pakikipagkasundo kay Baasa na hari sa Israel, upang siya'y lumayas sa akin. **20** At dininig ni Ben-hadad ang haring Asa, at sinugo ang mga puno ng kaniyang mga hukbo laban sa mga ciudad ng Israel, at sinugatan ang Ijon at ang Dan, at ang Abel-bet-maaka at ang boong Cinerot, sampuo ng boong lupain ng Naftali. **21** At nangyari, ng maringig yaon ni Baasa, na iniwan ang pagtatayo ng Rama, at tumahan sa Tirza. **22** Ng magkagayo'y pinisan ng haring Asa ang boong Juda; walang natangi: at kanilang inalis ang mga bato ng Rama, at ang mga kahoy noon, na ipinagtayo ni Baasa; at itinayo ng haring Asa sa pamamag-itan noon ang Geba ng Benjamin at ang Mispa. **23** Ang nalabi nga sa lahat na gawa ni Asa, at sa kaniyang boong kapangyarihan, at lahat ng kaniyang ginawa, at ang mga ciudad na kaniyang itinayo, ¿di ba nasusulat sa libro ng alaala sa mga hari sa Juda? Ngunit sa kaniyang katandaan, siya'y nagkasakit ng kaniyang mga paa. **24** At si Asa ay natulog na kasama ng kaniyang mga magulang, at nalibing na kasama ng kaniyang mga magulang sa ciudad ni David na kaniyang magulang: at si Jehosafat na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**25** At si Nadab na anak ni Jeroboam ay nagpasimulang maghari sa Israel sa ikalawang taon ni Asa na hari sa Juda, at siya'y naghari sa Israel na dalawang

taon. **26** At siya'y gumawa ng masama sa pangingin ng PANGINOON, at lumakad ng lakad ng kaniyang ama, at sa kaniyang ka-alanan na kaniyang ipinalala sa Israel. **27** At si Baasa na anak ni Ahias, sa bahay ni Issakar ay nagbanta laban sa kaniya; at sinugatan siya ni Baasa sa Gibeton, na nauukol sa mga Filisteo; sapagka't kinukulung ni Nadab at ng boong Israel ang Gibeton. **28** Sa ikatlong taon ni Asa na hari sa Juda, ay pinatay siya ni Baasa, at naghari na kahalili niya. **29** At nangyari, na pagkapaging hari niya, sinugatan niya ang boong bahay ni Jeroboam; hindi siya nag-iwan kay Jeroboam ng sino mang may hinga, hangang sa kaniyang nilipol siya, ayon sa sabi ng PANGINOON na kaniyang sinalita sa pamamag-itan ng kaniyang aliping si Ahias na Silonita: **30** dahil sa mga kasalanan ni Jeroboam na kaniyang ipinagkasala, at kaniyang ipinapagkasala sa Israel; dahil sa kaniyang pamumungkahi na kaniyang iminungkahing galit sa PANGINOON, sa Dios ng Israel. **31** Ang iba nga ng mga gawa ni Nadab, at ang lahat niyang ginawa, ¿di ba nasusulat sa libro ng alaala sa mga hari sa Israel? **32** At may pagbabaka si Asa at si Baasa na hari sa Israel sa lahat ng kanilang araw.

**33** Ng ikatlong taon ni Asa na hari sa Juda, ay nagpasimulang maghari si Baasa na anak ni Ahias sa boong Israel sa Tirza, at naghari na dalawang pu't apat na taon. **34** At kaniyang ginawa ang masama sa pangingin ng PANGINOON, at lumakad ng lakad ni Jeroboam, at sa kaniyang kasalanan na ipinapagkasala sa Israel.

**16** At ang salita ng PANGINOON ay dumating kay Jehu na anak ni Hanani, laban kay Baasa, na sinabing: **2** Sa parang itinaas kita sa alabok, at ginawa kitang pangulo sa aking bayang Israel; at ikaw ay lumakad ng lakad ni Jeroboam, at iyong pinapagkasala ang aking bayang Israel, upang mungkahin mo ako sa galit sa pamamag-itan ng kanilang mga kasalanan; **3** narito, aking lubos na papalisin si Baasa at ang kaniyang bahay; at aking gawawin ang iyong bahay na gaya ng bahay ni Jeroboam na anak ni Nebat. **4** Ang mamatay kay Baasa sa ciudad ay kakanin ng mga aso; at ang mamatay sa kaniya sa parang ay kakanin ng mga ibon sa himpapawid. **5** Ang iba nga sa mga gawa ni Baasa, at ang mga

bagay na kaniyang ginawa, at ang kaniyang kapangyarihan, ¿di ba nasusulat sa libro ng alaala sa mga hari sa Israel? **6** At natulog si Baasa na kasama ng kaniyang mga magulang, at nalibing sa Tirza; at si Ela na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya. **7** At bukod dito'y, sa pamamag-itan ng kamay ng profetang si Jehu na anak ni Hanani, ay dumating ang salita ng PANGINOON laban kay Baasa, at laban sa kaniyang bahay, dahil sa lahat na kasaman na kaniyang ginawa sa paningin ng PANGINOON, upang mungkahiin siya sa galit sa pamamag-itan ng gawa ng kaniyang mga kamay, sa paglagay na gaya ng bahay ni Jeroboam, at sapagka't sinugatan niya siya.

**8** Ng ikadalawang puo't anim na taon ni Asa na hari sa Juda ay nagpasimula si Ela na anak ni Baasa na maghari sa Israel sa Tirza, at nagharang dalawang taon. **9** At ang kaniyang alilang si Zimri, na puno sa kalahati ng kaniyang mga karro, ay nagbanta laban sa kaniya: siya'y nasa Tirza nga, na umiinom at lasing sa bahay ni Arza, na siyang tagapamahala sa sambayanan sa Tirza: **10** at nasok si Zimri, at sinugatan siya, at pinatay siya, sa ikadalawang puo't pitong taon ni Asa na hari sa Juda, at naghari na kahalili niya. **11** At nangyari, ng siya'y magpasimulang maghari, pag-upo niya sa kaniyang luklukan, na kaniyang sinugatan ang boong bahay ni Baasa: hindi siya nag-iwan ng isang lalaking bata man, o ng kamag-anak niya man, o ng mga kaibigan man niya. **12** Ganito giniba ni Zimri ang boong bahay ni Baasa, ayon sa salita ng PANGINOON, na kaniyang sinalita laban kay Baasa, sa pamamag-itan ni Jehu na profeta, **13** dahil sa lahat ng kasalanan ni Baasa, at mga kasalanan ni Ela na kaniyang anak, na kanilang ipinagkasala, at kanilang ipinapagkasala sa Israel, upang mungkahiin sa galit ang PANGINOON, ang Dios ng Israel sa pamamag-itan ng kanilang mga kalayawan. **14** Ang ibang mga gawa ni Ela, at ang lahat na mga bagay niyang ginawa, ¿di ba nasusulat sa libro ng alaala sa mga hari sa Israel?

**15** Ng ikadalawang puo't pitong taon ni Asa na hari sa Juda, ay naghari si Zimri na pitong araw sa Tirza: Ang bayan nga ay nagtayo ng kampamento laban sa Gibeton na nauukol sa mga Filisteo. **16** At narinig ng bayan na nasa

kampamento na si Zimri ay nagbanta, at sinugatan naman ang hari: kaya't ginawa ng boong Israel na hari sa Israel si Omri na kapitan ng hukbo ng araw na yaon sa kampamento. **17** At si Omri ay sumampa mula sa Gibeton, at ang boong Israel ay kasama niya, at kanilang kinulong ang Tirza. **18** At nangyari, ng makita ni Zimri na ang ciudad ay nasakop, na siya'y naparoon sa palacio ng bahay ng hari, at sinunog ang bahay ng hari ng apoy at siya'y namatay, **19** dahil sa kaniyang mga kasalanan na kaniyang ipinagkasala sa paggawa ng masama sa paningin ng PANGINOON, sa paglakad ng lakad ni Jeroboam, at sa kaniyang kasalanan na kaniyang ginawa, upang papagkasalalin ang Israel. **20** Ang ibang mga gawa ni Zimri, at ang kaniyang panghihimagsik na kaniyang ginawa, ¿di ba nasusulat na lahat sa libro ng mga alaala sa mga hari sa Israel?

**21** Ng magkagayo'y ang bayan ng Israel ay nahati ng dalawang bahagi: ang kalahati ng bayan ay sumunod kay Tibni na anak ni Ginat, upang gawin siyang hari; at ang kalahati ay sumunod kay Omri. **22** Nguni't ang bayan na sumunod kay Omri ay nanaig laban sa bayan na sumunod kay Tibni na anak ni Ginat: sa gayo'y namatay si Tibni at naghari si Omri. **23** Ng ikatatlong puo't isang taon ni Asa na hari sa Juda ay nagpasimula si Omri na maghari sa Israel, at naghari na labing dalawang taon: anim na taon na naghari siya sa Tirza. **24** At binili niya ang burol ng Samaria kay Semer sa halagang dalawang talentong pilak; at siya'y nagtayo sa burol, at tinawag ang pangalan ng ciudad na kaniyang itinayo, ayon sa pangalan ni Semer, na may-ari ng burol, na Samaria. **25** At ginawa ni Omri ang masama sa paningin ng PANGINOON, at gumawa ng masama na higit kay sa lahat na una sa kaniya. **26** Sapagka't siya'y lumakad ng boong lakad ni Jeroboam na anak ni Nebat, at sa kaniyang mga kasalanan na ipinapagkasala niya sa Israel, upang mungkahiin sa galit ang PANGINOON, ang Dios ng Israel ng kanilang mga kalayawan. **27** Ang iba nga sa mga gawa ni Omri at lahat na mga bagay na kaniyang ginawa, at ang kaniyang kapangyarihan na kaniyang ipinakita, ¿di ba nasusulat na lahat sa libro ng mga alaala sa mga hari sa Israel? **28** Sa gayo'y natulog si Omri na kasama ng kaniyang mga magulang, at nalibing sa Samaria; at si Ahab

na kaniyang anak ay naghari sa bahalili niya.

**29** At ng ikatatlong puot' walong taon ni Aza na hari sa Juda, ay nag'aminula si Ahab na anak ni Omri na naghari sa Israel: at si Ahab na anak ni Omri ay naghari sa Israel sa Samaria na dalawang puot' dalawang taon. **30** At si Ahab na anak ni Omri ay gumawa ng masama sa paningin ng PANGINOON na higit kay sa lahat na nauna sa kaniya. **31** At nangyari, (na parang isang magaang bagay sa kaniya na lumakad sa mga kasalanan ni Jeroboam na anak ni Nebat) na kaniyang kinuhang asawa si Jezebel, na anak ni Etbhaal na hari ng mga Zidonio, at yumaon at naglingkod sa Baal, at sumamba sa kaniya. **32** At kaniyang ipinagtayo ng altar si Baal sa bahay ni Baal, na kaniyang itinayo sa Samaria. **33** At gumawa si Ahab ng Ashera; at gumawa pa ng higit si Ahab upang mungkahiin ang PANGINOON, ang Dios ng Israel sa galit, kay sa lahat ng mga hari sa Israel na una sa kaniya. **34** Sa kaniyang mga araw itinayo ni Hiel na taga Bet-el ang Jeriko: siya'y naglagay ng cimiento sa pagkamatay ni Abiram na kaniyang pangaraw, at itinayo ang mga pintuang-daan sa pagkamatay ng kaniyang bunsong anak sa Segub; ayon sa salita ng PANGINOON na kaniyang sinalita sa pamamagitan ni Josue na anak ni Nun.

**17** At si Elias na Tisbita, na sa mga nahanan sa Gilead, nagsabi kay Ahab: Kung paonang ang PANGINOON, ang Dios ng Israel ay buhay, sa harap ng aking tinatayuan, hindi magkakaroon ng hanog o ulan man sa mga taong ito, kungdi ayon sa aking salita. **2** At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa kaniya, na nagsabing: **3** Umalis ka dito, at lumiko ka sa dakong silanganan, at magkubli ka sa tabi ng batis na Kerit na nasa tapat ng Jordan. **4** At mangyayari, na ikaw ay iinom sa batis; at aking inutus sa mga owak na pakanin ka doon. **5** Sa gayo'y siya'y naparoon at ginawa ang ayon sa salita ng PANGINOON: sapagka't siya'y pumaroon at tumahan sa tabi ng batis na Kerit, na nasa tapat ng Jordan. **6** At dinadalhan siya ng tinapay at laman, ng mga owak sa kinamagahan, at tinapay at laman sa kinahapunan; at siya'y uminom sa batis. **7** At nangyari, pagkaraan ng sandali, na ang batis ay natuyo, sapagka't walang ulan sa lupain.

**8** At ang salita ng PANGINOON ay du-

matang sa kaniya, na nagsabing: **9** Ikaw ay magbangon, paroon ka sa Zarefat, na nauukel sa Zidon, at tumahan ka doon: narito, aking inutusan ang isang baong babaye doon upang pakanin ka. **10** Sa gayo'y siya'y nagbangon, at naparoon sa Zarefat; at ng siya'y dumating sa pintuang-daan ng ciudad, narito, isang baong babaye ay nardoon na namumulot ng mga patpat: at tinawag niya siya, at nagsabing: Isinasamo ko sa iyo na dalhan mo ako ng kaonting tubig sa baso, upang aking mainom. **11** At ng siya'y yumaon upang dalhin, tinawag niya siya, at nagsabing: Dalhan mo ako, isinasamo ko sa iyo, ng isang subong tinapay sa iyong kamay. **12** At kaniyang sinabing: Ang PANGINOONG iyong Dios ay buhay, ako'y walang mamon, kungdi isang dakot na harina sa gusi, at kaonting langis sa botella: at narito, ako'y pumupulot ng dalawang patpat, upang ako'y yumaon, at ihanda sa akin at sa aking anak, upang aming makain, at kami ay mamatay. **13** At sinabi ni Elias sa kaniyang: Huag kang matakot; yumaon ka, at gawin mo ang iyong sinabi: ngunit igawa mo muna ako ng munting mamon, at ilabas mo sa akin, at pagkatapos ay gumawa ka para sa iyo at para sa iyong anak. **14** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel: Ang gusi ng harina ay hindi magkukulang, o ang botella ng langis man ay magkukulang hangang sa araw na magsugo ang PANGINOON ng ulan sa ibabaw ng lupa. **15** At siya'y yumaon, at ginawa ang ayon sa sabi ni Elias: at kumain ang babaye, at siya, at ang kaniyang kasambahay na malaon. **16** Ang gusi ng harina ay hindi nakulangang, o ang botella ng langis man ay nakulangang, ayon sa salita ng PANGINOON, na kaniyang sinalita sa pamamagitan ni Elias. **17** At nangyari, pagkatapos ng mga bagay na ito, na ang anak ng babaye, ng may-ari ng bahay ay nagka-sakit; at ang kaniyang sakit ay malubha, na walang hiningang naiwan sa kaniya. **18** At sinabi niya kay Elias: ?Ano ang ipakikialam ko sa iyo, Oh ikaw na lalaki ng Dios? ?Ikaw ay naparito sa akin upang ipaalala mo ang aking kasalanan, at upang patayin ang aking anak! **19** At sinabi niya sa kaniyang: Ibigay mo sa akin ang iyong anak. At kinuha niya sa kaniyang kandungan, at dinala sa silid na kaniyang tinatahanan, at iniliga sa kaniyang sariling hibigan. **20** At siya'y



dumaing sa PANĠNOON, at nagsabing: Oh PANĠNOONG aking Dios, ¿dinalhan mo ba naman ng kasam-an ang bao na aking kinatutuluyan, na patayin ang kaniyang anak? 21 At siya'y umunat sa bata na makaitlo, at dumaing sa PANĠNOON, at nagsabing: Oh PANĠNOONG aking Dios, isinasamo ko sa iyo na iyong pabalikin ang kalulua ng batang ito. 22 At dininig ng PANĠNOON ang voces ni Elias; at ang kululua ng bata ay bumalik sa kaniya, at siya'y muling nabuhay. 23 At kinuha ni Elias ang bata, at ibinaba sa loob ng bahay na mula sa silid, at ibinigay siya sa kaniyang ina: at sinabi ni Elias: Tingnan mo, ang iyong anak ay buhay. 24 At sinabi ng babaye kay Elias: Ngayo'y talastas ko na ikaw ay lalaki ng Dios, at ang salita ng PANĠNOON sa iyong bibig ay katotohanan.

18 At nangyari, pagkaraan ng maraming araw, na ang salita ng PANĠNOON, ay dumating kay Elias, sa ikatlong taon, na nagsabing: Ikaw ay yumaon, pakita ka kay Ahab; at ako'y magsusugo ng ulan sa lupa. 2 At si Elias ay yumaong napakita kay Ahab. At ang kugutom ay malala sa Samaria. 3 At tinawag ni Ahab si Obadias na siyang tagapangasiwa sa bahay. (Si Obadias nga ay natatakot na mainam sa PANĠNOON: 4 sapagka't uangyari, ng ihimalay ni Jezebel ang profeta ng PANĠNOON, na kumuha si Obadias ng isang profeta, at ikinubli na limalinampung sa isang yungib, at mga pinakain ng tinapay at tubig.) 5 At sinabi ni Ahab kay Obadias: Lakarin mo ang lupain, hangang sa lahat ng bukal ng tubig, at hangang sa lahat ng batis: marahil tayo'y makakasumpung ng damo, at maililigtas nating buhay ang mga kabayo at mga mula, upang huag nating iwala ang lahat na hayop. 6 Sa gayo'y hinati nila ang lupain sa gitna nila upang lakaran: si Ahab ay lumakad ng kaniyang sarili sa isang daan, at si Obadias ay lumakad ng kaniyang sarili sa kabilang daan. 7 At samantalang si Obadias ay nasa daan, narito, nasalubong siya ni Elias: at nakilala niya siya, at nagpatirapa, at nagsabing: ¿Di ba ikaw, ang panginoon kong si Elias? 8 At siya'y sumagot sa kaniya: Ako nga: Ikaw ay yumaon, saysayin mo sa iyong panginoong: Narito, si Elias ay nandito. 9 At kaniyang sinabing: ¿Sa ano ako nagkasala na iyong ibinigay ang iyong alipin sa kamay ni Ahab, upang patayin ako? 10 Buhay

ang PANĠNOONG iyong Dios, walang nasyon o kaharian man na hindi pinapagpahanapan sa iyo ng aking panginoon: at pagka kanilang sinasabing: Siya'y wala rito, kaniyang pinasumsumpa ang kaharian at nasyon, na hindi kinasumpungan sa iyo. 11 At ngayo'y iyong sinasabing: Ikaw ay yumaon, saysayin mo sa iyong panginoong: Narito, si Elias ay nandito. 12 At mangyayari, pagkahiwalay ko sa iyo, na dadalhin ka ng espiritu ng PANĠNOON sa hindi ko nalalaman; at ano pa't pagka ako'y pumaroon at isinaysay ko kay Ahab, at ikaw ay hindi niya nasumpungan, papatayin niya ako: nguni't akong iyong alipin ay natatakot sa PANĠNOON mula sa aking kabinataan. 13 ¿Hindi ba nasaysay sa aking panginoon, kung ano ang aking ginawa ng patayin ni Jezebel ang mga profeta ng PANĠNOON, kung paanong nagtago ako ng isang daan sa mga profeta ng PANĠNOON, na limalinampung sa isang yungib, at pinakain ko ng tinapay at tubig? 14 At ngayo'y iyong sinasabing: Ikaw ay yumaon, saysayin mo sa iyong panginoong: Narito, si Elias ay nandito: at papatayin niya ako. 15 At sinabi ni Elias: Buhay ang PANĠNOON ng mga hukbo, na sa harap niya ako nakatayo, ako'y walang salang pakikita sa kaniya ngayon. 16 Sa gayo'y yumaon si Obadias upang salubungin si Ahab, at nagsaysay sa kaniya: at si Ahab ay yumaong sinlubong si Elias. 17 At nangyari, ng makita ni Ahab si Elias, na sinabi ni Ahab sa kaniyang: ¿Ikaw ba ang bumabagabag sa Israel? 18 At siya'y sumagot: Hindi ko binagabag ang Israel; kungdi ikaw at ang bahay ng iyong ama, sa iyong pagpapabaya ng mga utos ng PANĠNOON, at ikaw ay sununod kay Baal. 19 Ngayon nga'y magsugo ka, at pisanin mo sa akin ang boong Israel sa bundok ng Karmel, at ang mga profeta ni Baal na apat na raan at limang puo, at ang mga profeta sa Ashera na apat na raan, na kumain sa dulang ni Jezebel. 20 Sa gayo'y nagsugo si Ahab sa lahat ng mga anak ng Israel, at pinisan ang mga profeta sa bundok na Karmel. 21 At si Elias ay lumapit sa buong bayan, at nagsabing: ¿Hangang kuilan kayo mag-aalinglangan sa dalawang pakana? Kung ang PANĠNOON ay Dios ay sumunod kayo sa kaniya; nguni't kung si Baal, sumunod nga kayo sa kaniya. At ang bayan ay hindi sumagot sa kaniya kahi't isang salita. 22 Ng magkagayo'y sinabi ni

Elias sa bayan: Ako, ako lamang ang nailwang profeta ng PANGINOON; nguni't ang mga profeta ni Baal ay apat na raan at limang puong lalaki. **23** Bigyan nga nila tayo ng dalawang baka; at pumili sila para sa kanila ng isang baka, at katayin, at ilagay sa ibabaw ng kahoy, at huag lagyan ng apoy sa ilalim; at ihanda ko ang isang baka at ilalagay ko sa kahoy, at hindi ko lagayan ng apoy sa ilalim. **24** At tumawag kayo sa pangalan ng inyong mga dios, at tatawag ako sa pangalan ng PANGINOON: at mangyari, na ang Dios na sumagot sa panamagitan ng apoy, ay siyang maging Dios. At ang boong bayan ay sumagot, at nagsabing: Mabuti ang pagka-aki. **25** At sinabi ni Elias sa mga profeta ni Baal: Pumili kayo ng isang baka sa inyo, at inyong ihandang una; sapagka't kayo'y marami; at tumawag kayo sa pangalan ng inyong mga dios, nguni't huag kayong maglagay ng apoy sa ilalim. **26** At kanilang kinuha ang baka na ibinigay sa kanila, at kanilang inihanda, at tumawag sa pangalan ni Baal mula sa kinaumagahan hangang sa kinatanghaliang tapat, na nagsabing: Oh Baal, dingin mo kami. Nguni't walang voces, o sino mang sumagot. At sila'y bumulakso sa siping ng altar na ginawa. **27** At nangyari, sa kinatanghaliang tapat, na biniro sila ni Elias, at nagsabing: Sumigaw kayo ng malakas: sapagka't siya'y dios; siya nga'y nagmumunimuni, o nasa sulok, o nasa paglalakbay, o marahil siya'y natutulog, at marapat gisingin. **28** At sila'y sumigaw ng malakas, at sila'y nagkukudlit ayon sa kanilang kaugalian ng sundang at mga sibat, hangang sa bumuluak ang dugo sa kanila. **29** At nangyari, ng makaraan ang kinatanghaliang tapat na sila'y nanghula hangang sa oras ng paghahandog ng alay sa *kinahapunan*: nguni't wala kahi't voces, o sino mang sumagot, o sino mang makinig. **30** At sinabi ni Elias sa boong bayan: Lumapit kayo sa akin; at ang boong bayan ay lumapit sa kaniya. At kaniyang inayos ang altar ng PANGINOON na nabagsak. **31** At kumuha si Elias ng labing dalawang bato, ayon sa bilang ng mga angkan ng mga anak ni Jakob, na sa kaniya ang salita ng PANGINOON ay dumating, na sinabing: Israel ang maginging iyong pangalan. **32** At sa pamamagitan ng mga bato ay kaniyang itinayo ang altar sa pangalan ng PANGINOON; at kaniyang nalagyan ng hukay,

sa palibot ng altar, na ang laki ay kasisidlan ng dalawang talak na binhi. **33** At kaniyang inilagay ang kaboy na mayos, at kinatay ang baka at ipinatong sa kahoy. At kaniyang sinabing: Pumain mayo ang apat na tapayan ng tubig, at ibuhos niyo sa handog na susunugin, at sa kahoy. **34** At kaniyang sinabing: Gawin niyong ikalawa; at kanilang ginawang ikalawa. At kaniyang sinabing: Gawin niyong ikatlo; at kanilang ginawang ikatlo. **35** At ang tubig ay tumakbo sa palibot ng altar; at kaniyang pumuno naman ang hukay ng tubig. **36** At nangyari, sa horas ng paghahandog ng alay sa *kinahapunan*, na si Elias, na profeta ay lumapit, at nagsabing: Oh PANGINOON, na Dios ni Abraham, ni Isaac, at ni Israel, pakilala ka sa araw na ito, na ikaw ay Dios sa Israel, at ako ang iyong alipin, at aking ginawa ang lahat na bagay na ito sa iyong salita. **37** Dingin mo ako, Oh PANGINOON, dingin mo ako, upang matalastas ng bayang ito, na ikaw, na PANGINOON, ay Dios, iyong ibinatik ang kanilang puso. **38** Ng magkagayo'y ang apoy ng PANGINOON ay nalaglag, at sinupok ang handog na susunugin, at ang kahoy, at ang mga bato, at ang alabok, at hinimuran ang tubig na nasa hukay. **39** At ng makita ng boong bayan, sila'y nagpatirapa: at kanilang sinabing: Ang PANGINOON ay siyang Dios; ang PANGINOON ay siyang Dios. **40** At sinabi ni Elias sa kanilang: Hulihin niyo ang mga profeta ni Baal; huag makataanan ang sino man sa kanila. At kanilang uga hinuli: at mga ibinaba ni Elias sa batis ng Kison, at mga pinatay doon. **41** At sinabi ni Elias kay Ahab: Ikaw ay sumampa, kumain ka at uminom ka; sapagka't may hugong ng kasaganaan ng ulan. **42** Sa gayo'y sumampa si Ahab upang kumain at uminom. At si Elias ay sumampa sa taluktok ng Karmel; at siya'y sumubasob sa lupa, at inilagay ang kaniyang mukha sa pagitan ng kaniyang mga tuhod. **43** At kaniyang sinabi sa kaniyang lingkod: Sumampa ka ngayon, tumingin ka sa dagat. At siya'y sumampa, at tumingin, at nagsabing: Walang ano mang bagay. At kaniyang sinabing: Yumaon ka uling makapito. **44** At nangyari, sa ikapito, na kaniyang sinabing: Narito, tumindig ang isang alapaap sa dagat, na kasinglit ng kamay ng isang lalaki. At kaniyang sinabing: Ikaw ay yumaon, sabihin mo kay Ahab: Ihanda

mo ang iyong karro, at ikaw ay bumaba, upang huag kang abutan ng ulan. **45** At nangyari, pagkaraan ng sandali, na ang lahgit ay nagdilim sa alapaap at hangin, at nagkaroon ng malakas na ulan. At si Ahab ay sumakay, at naparoon sa Jezreel. **46** At ang kamay ng PANGINOON ay nasa kay Elias; at kaniyang binigkisan ang kaniyang mga balakang, at tumakbong nagpauna kay Ahab sa pasukan ng Jezreel.

**19** At sinabi ni Ahab kay Jezebel ang lahat na ginawa ni Elias, at kung paanong kaniyang pinatay ang lahat na profeta ng tabak. **2** Ng magkagayo'y nagsugo si Jezebel ng sugo kay Elias, na nagsabing: Ganito ang gawin ng mga dios sa akin, at lalo na, kung hindi ko gawin ang buhay mo na gaya ng buhay ng isa sa kanila kinabukasan sa may ganitong oras. **3** At siya'y natakot, at siya'y nagbangon, at yumaon dahil sa kaniyang buhay, at naparoon sa Beerseba, na nauukol sa Juda, at iniwan ang kaniyang lingkod doon. **4** Ngunit siya'y lumakad ng paglalakbay na isang araw sa ilang, at naparoon, at umupo sa ilalim ng isang punong kahoy na enebro: at siya'y humiling para sa kaniya na siya'y mamatay; at nagsabing: Sukat na; ngayon, Oh PANGINOON, kunin mo ang aking buhay; sapagka't hindi ako mabuti kay sa aking mga magulang. **5** At siya'y nahiga at natulog sa ilalim ng punong kahoy na enebro; at narito, kinalabit siya ng isang angel, at sinabi sa kaniyang: Ikaw ay gumising at kumain. **6** At siya'y tumingin, at, narito, nasa kaniyang ulunan ay isang mamong luto sa baga, at isang sarong tubig. At siya'y kumain at uminom, at nahiga uli. **7** At ang angel ng PANGINOON ay nagbalik na ikalawa, at kinalabit siya, at nagsabing: Ikaw ay bumangon at kumain; sapagka't ang paglalakbay ay totoong malaki sa ganang iyo. **8** At siya'y nagbangon, at kumain, at uminom, at siya'y yumaon sa lakas ng pagkaing yaon, na apat na puong araw at apat na puong gabi sa Horeb sa bundok ng Dios. **9** At siya'y naparoon sa isang yungib, at tumigil doon; at, narito, ang salita ng PANGINOON ay dumating sa kaniya, at sinabi niya sa kaniyang: ¿Ano ang ginagawa mo rito Elias? **10** At sinabi niyang: Ako'y naging totoong masaliksik dahil sa PANGINOON, sa Dios ng mga hukbo; sapagka't iniwan ng mga anak ng Israel ang iyong tipan, ibinagsak

ang iyong mga altar, at pinatay ang iyong mga profeta ng tabak: at ako, ako lamang, ang naiwan; at kanilang pinagsisikapan ang aking buhay, upang alisin. **11** At kaniyang sinabing: Ikaw ay lumabas, at tumayo ka sa ibabaw ng bundok sa harap ng PANGINOON. At, narito, ang PANGINOON ay nagdaan, at tinibag ang mga bundok ng isang malaki at malakas na hangin, at pinagpirapiraso ang mga bato sa harap ng PANGINOON; ngunit ang PANGINOON ay wala sa hangin: at pagkatapos ng hangin ay isang lindol; ngunit ang PANGINOON ay wala sa lindol: **12** at pagkatapos ng lindol ay apoy; ngunit ang PANGINOON ay wala sa apoy: at pagkatapos ng apoy ay isang munting tahimik na voces. **13** At nangyari, ng marinig ni Elias, na tinakpan niya ang kaniyang mukha ng kaniyang balabal, at lumabas, at tumayo sa pasukan sa yungib, at, narito, dumating ang isang voces sa kaniya, at nagsabing: ¿Anong ginagawa mo rito Elias? **14** At kaniyang sinabing: Ako'y naging totoong masaliksik dahil sa PANGINOON, sa Dios ng mga hukbo; sapagka't iniwan ng mga anak ng Israel ang iyong tipan, ibinagsak ang iyong mga altar, at pinatay ang iyong mga profeta ng tabak; at ako, ako lamang ang naiwan; at kanilang pinagsisikapan ang buhay ko, upang alisin. **15** At sinabi ng PANGINOON sa kaniyang: Ikaw ay yumaon, ibalik mo ang iyong lakad sa ilang ng Damasko: at pagdating mo, iyong pahiran si Hazael upang maging hari sa Syria. **16** At si Jehu na anak ni Nimsi ay iyong papahiran upang maging hari sa Israel: at si Eliseo na anak ni Sapat sa Abel-mehola ay iyong papahiran upang maging profeta na kahalili mo. **17** At mangyari, na ang makataaran sa tabak ni Hazael ay papatayin ni Jehu: at ang makataaran sa tabak ni Jehu ay papatayin ni Eliseo. **18** Gayon may tiwan ko ay pitong libo sa Israel, lahat na tuhod na hindi lumuhod kay Baal, at lahat ng bibig na hindi humalik sa kaniya. **19** Sa gayo'y siya'y umalis doon at nasumpungan niya si Eliseo na anak ni Sapat, na nagbukid, na may labing dalawang parehang baka sa unahan niya, at siya'y kasunod ng ikalabing dalawa: at dinaraan niya ni Elias at inihagis sa kaniya ang balabal niya. **20** At kaniyang iniwan ang mga baka, at tumakbong sinundan si Elias, at sinabing: Isinasamo ko sa iyo na pahaglan mo sa akin ang aking

ama at aking ina, at sumunod nga ako sa iyo. At sinabi niya sa kaniyang: Mag-balik ka uli; sapagka't ano ang ginawa ko sa iyo? **21** At siya'y nagbalik na mula sa pagsunod sa kaniya, at kinuha ang parehang mga baka, at mga pinatay, at nagluto ng kanilang carne sa pamamag-itan ng mga kasangkapan ng mga baka, at ibinigay sa bayan, at kanilang kinain. Ng magkagayo'y siya'y nagtindig, at sumunod kay Elias, at naglingkod sa kaniya.

**20** At pinisan ni Ben-hadad na hari sa Syria ang lahat niyang hukbo: at may tatlong puot dalawang hari na kasama siya, at mga kabayo, at mga karo: at siya'y sumampa, at kinulong ang Samaria, at bumaka laban doon. **2** At siya'y nagsugo ng mga sugo kay Ahab na hari sa Israel, sa loob ng ciudad, at pina-sabi niya sa kaniyang: Ganito ang sabi ni Ben-hadad: **3** Ang iyong pilak at ang iyong ginto ay akin: ang iyo namang mga asawa at ang iyong mga anak, ang mga pinakamahusay, ay akin. **4** At ang hari ng Israel ay sumagot, at nagsabing: Ayon sa iyong sabi, panginoon ko, Oh hari; Ako'y iyo, at lahat ng aking tinatankilik. **5** At ang mga sugo ay nagbalik, at nagsabing: Ganito ang sinalita ni Ben-hadad na sinabing: Ako'y tunay na nagsugo sa iyo, na nagpasabing: Iyong ibibigay sa akin ang iyong pilak, at ang iyong ginto, at ang iyong mga asawa, at ang iyong mga anak; **6** nguni't susuguin ko sa iyo kinabukasan ang aking mga lingkod sa may ganitong oras, at kanilang uusin ang iyong bahay, at ang mga bahay ng iyong mga lingkod; at mangyayari, na ano mang maligaya sa iyong mga mata ay hahawakan nila ng kanilang kamay, at dadalhin. **7** Ng magkagayo'y tinawag ng hari ng Israel ang lahat na mga matanda sa lupain, at sinabing: Isinasamo ko sa inyo na inyong tandaan at tingnan kung paanong ang tawong ito'y humahanap ng kasam-an: sapagka't siya'y nagsugo sa akin ng dahil sa aking mga asawa, at aking mga anak, at aking pilak, at aking ginto; at hindi ko siya pinahindian. **8** At sinabi sa kaniya ng lahat na matanda at ng boong bayan: Huag mong dingin, o tulutan mo man. **9** Kaya't kaniyang sinabi sa mga sugo ni Ben-hadad: Saysayin ninyo sa aking panginoon na hari: Ang lahat na iyong ipinagsugo sa iyong alipin ng man ay aking gagawin: nguni't ang bagay na ito ay hindi

ko magagawa. At ang mga sugo ay umalis at nagbalik ng salita sa kaniya. **10** At si Ben-hadad ay nagsugo sa kaniya, at nagsabing: Gawing gayon ng mga dios sa akin, at lalo na, kung ang alabok sa Samaria ay maginging sukat na dakutin ng boong bayan na sumusunod sa akin. **11** At ang hari sa Israel ay sumagot, at nagsabing: Saysayin ninyo sa kaniya na huag magmapuri ang nagbibigkis ng sakbat na gaya ng naghuhubad. **12** At nangyari, ng marinig ni Ben-hadad ang pasugong ito, sa paraang siya'y umiinom, siya, at ang mga hari, sa mga balag, na kaniyang sinabi sa kaniyang mga lingkod: Humanay kayo. At sila'y humanay laban sa ciudad. **13** At, narito, isang profeta ay lumapit kay Ahab na hari sa Israel, at nagsabing: Ganito ang sabi ng PANGINOON: **14** Nakita mo ba ang boong malaking karamihang ito? narito, aking ibibigay sa iyong kamay sa araw na ito; at iyong makikilala na ako ang PANGINOON. **15** At sinabi ni Ahab: **16** Sa pamamag-itan nino? At kaniyang sinabing: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Sa pamamag-itan ng mga bataan ng mga pangulo sa mga lalawigan. Ng magkagayo'y sinabi niyang: **17** Sino ang magpapasimula ng pagbabaka? At siya'y sumagot: Ikaw. **18** Ng magkagayo'y kaniyang pinisan ang mga bataan ng mga pangulo sa mga lalawigan, at sila'y dalawang daan at tatlong puot dalawa: at pagkatapos ay kaniyang pinisan ang boong bayan, ang lahat na mga anak ng Israel, na may pitong libo. **19** At sila'y umalis ng kinatanghaliang tapat. Nguni't si Ben-hadad ay umiinom na lango sa mga balag, siya, at ang mga hari, na tatlong puot dalawang hari na tumutulog sa kaniya. **20** At ang mga bataan ng mga pangulo sa mga lalawigan ay lumabas na una; at si Ben-hadad ay nagsugo, at isinaysay nila sa kaniya, na sinabing: May mga taong lumabas sa Samaria. **21** At kaniyang sinabing: Maging sila'y lumabas para sa kapayapaan, mga hulihin ninyong buhay; o maging sila'y lumabas para sa pagbabaka, mga hulihin ninyong buhay. **22** Sa gayo'y ang mga ito ay lumabas sa ciudad, ang mga bataan ng mga pangulo sa mga lalawigan, at ang kawal na sumusunod sa kanila. **23** At kanilang pinatay ang lahat niyang lalaki; at ang mga taga Syria ay tumakas, at mga hinabol ng Israel; at si Ben-hadad na hari sa Syria ay tumakas na nakasakay sa

isang kabayo na kasama ng mga manga-  
ngabayo. 21 At ang hari sa Israel ay  
lumabas, at sinugatan ang mga kabayo at  
mga karro, at pinatay ang mga taga Syria  
ng malaking pagpatay. 22 At ang pro-  
feta ay lumapit sa hari sa Israel, at nag-  
sabi sa kaniyang: Ikaw ay yumaon,  
magpakalakas ka, at iyong tandaan, at  
tingnan mo kung ano ang iyong ginagawa:  
sapagka't sa pagbabalik ng taon ay ang  
hari sa Syria ay sasampa laban sa iyo.

23 At sinabi ng mga lingkod ng hari sa  
Syria sa kaniyang: Ang kanilang dios ay  
dios sa mga burol; kaya't sila'y nanaig sa  
atin: nguni't tayo'y bumaka laban sa kani-  
la sa kapatagan, at walang pagsalang tayo'y  
mananaig sa kanila. 24 At gawin mo ang  
bagay na ito; alisin mo ang mga hari,  
bawa't isa'y sa kaniyang kalagayan, at  
lagyan mo ng mga kapitan na kahalili  
nila: 25 at bilangin para sa iyo ang  
hukbo, na gaya ng hukbo na iyong ipi-  
nahamak, kabayo kung kabayo, at karro  
kung karro: at tayo'y babaka laban sa  
kanila sa kapatagan, at walang pagsalang  
tayo'y mananaig sa kanila. At kaniyang  
dininig ang kanilang voces at ginawang  
gayon. 26 At nangyari, sa pagbabalik ng  
taon, na pinisan ni Ben-hadad ang mga  
taga Syria, at sumampa sa Afek upang  
bumaka laban sa Israel. 27 At ang mga  
anak ng Israel ay pinisan, at mga nira-  
sionan, at naparoon laban sa kanila: at  
ang mga anak ng Israel ay nagtayo ng  
kampamento sa tapat nila na parang dala-  
wang anak ng kambing; nguni't  
kinakalatan ng mga taga Syria ang lupain.  
28 At isang lalaki ng Dios ay lumapit at  
nagsalita sa hari ng Israel, at nagsabing:  
Ganito ang sabi ng PANGINOON: Sapag-  
ka't sinasabi ng mga taga Syria: Ang  
PANGINOON ay dios sa mga burol, nguni't  
hindi siya dios sa mga libis: kaya't aking  
ibibigay ang boong malaking karamihang  
ito sa iyong kamay, at inyong malalaman  
na ako ang PANGINOON. 29 At sila'y  
nagtayo ng kampamento na ang isa ay  
tapat sa isa na pitong araw. At nagka-  
gayon, na sa ikapitong araw, ang pagba-  
baka ay sinimulan; at ang mga anak ng  
Israel ay pumatay sa mga taga Syria ng  
isang daang libong naglalakad sa isang  
araw. 30 Nguni't ang natira ay tumakas  
na napatungo sa Afek sa loob ng ciudad;  
at ang kuta ay nabual sa dalawang puo't  
pitong libong lalaki na natira. At si  
Ben-hadad ay tumakas at pumasok sa  
ciudad, at nagkubli sa isang silid. 31 At

sinabi ng kaniyang mga lingkod sa ka-  
niya: Narito, ngayon, aming narinig na  
ang mga hari sa bahay ng Israel ay  
maawaing mga hari: isinasamo namin sa  
iyo na kami ay papaglagyin ng magas-  
pang na kayo sa aming mga balakang, at  
mga lubid sa aming mga leeg at labasin  
natin ang hari sa Israel: marahil kani-  
yang ililigtas ang iyong buhay. 32 Sa  
gayo'y nagbigkis sila ng magaspang na  
kayo sa kanilang mga balakang, at mga  
lubid sa kanilang mga leeg, at naparoon  
sa hari sa Israel, at nagsabing: Sinasabi  
ng iyong aliping si Ben-hadad: Isinasamo  
ko sa iyo, na buhayin mo ako. At si-  
nabi niyang: (Siya ba'y buhay pa? siya'y  
aking kapatid. 33 Minatyagan nang  
maingat ng mga lalaki, at nagmadaling  
hinuli kung sa ano nandoon ang kani-  
yang pag-iisip: at kanilang sinabing:  
Ang iyong kapatid na si Ben-hadad. Ng  
magkagayo'y sinabi niyang: Kayo'y yu-  
maon, dalhin ninyo siya sa akin. Ng mag-  
kagayo'y nilabas siya ni Ben-hadad; at  
kaniyang pinasampa sa karro. 34 At  
sinabi ni Ben-hadad sa kaniyang: Ang  
mga ciudad na sinakop ng aking ama sa  
iyong ama ay aking isasauli, at ikaw ay  
gagawa para sa iyo ng mga langganan sa  
Damasko, gaya ng ginawa ng aking ama  
sa Samaria. At ako, sabi ni Ahab, paya-  
yaunin kita sa tipang ito. Sa gayo'y  
gumawa siya ng tipan sa kaniya, at pina-  
yaon niya siya.

35 At isang lalaki sa mga anak ng mga  
profeta ay nagsabi sa kaniyang kasama sa  
pamamagitan ng salita ng PANGINOON:  
Isinasamo ko sa iyo na sugatan mo ako.  
At tumangi ang lalaki na sugatan siya.  
36 Ng magkagayo'y sinabi niya sa kani-  
yang: Sapagka't hindi mo sinunod ang  
voces ng PANGINOON, narito, pagkahi-  
walay mo sa akin ay patatayin ka ng  
isang leon. At pagkahiwalay niya sa  
kaniya, nasumpungan siya ng isang leon,  
at pinatay siya. 37 Ng magkagayo'y  
nakasumpung siya ng ibang lalaki, at  
nagsabing: Isinasamo ko sa iyo na suga-  
tan mo ako. At sinugatan siya ng lalaki,  
na sinugatan at sinaktan siya. 38 Sa  
gayo'y umalis ang profeta at hinintay  
ang hari sa daan, at nagpakunari na may  
isang piring sa kaniyang mga mata.  
39 At habang ang hari ay dumaraan,  
kaniyang sinugawan ang hari: at kaniyang  
sinabing: Ang iyong alipin ay lumabas  
sa gitna ng pagbabaka; at narito, isang  
lalaki ay naligaw, at nagdala ng isang

lalaki sa akin, at nag-abang: Ingatan mo ang balaking ito: kung sa ano mang paraan siya'y makatawan, ang iyo n'g pang buhay ang malalagay sa kaniyang buhay, o mandabayad ka kaya ng isang talentong pilak. **39** At sa parang ang iyo ang alipin ay abala dito at doon, siya'y makatawan. At sinabi ng hari sa Israel sa kaniyang: Magiging ganian ang iyong kahalutlan: ikaw rin ang nagpasiya. **41** At siya'y nagmadali, at inalis niya ang piring sa kaniyang mga mata; at nakilala siya ng hari sa Israel na siya'y naging isa sa mga profeta. **42** At sinabi niya sa kaniyang: Ganito ang sabi ng PANGISOON: Sapagka't iyong pinabayaang makatawan sa iyong kamay ang lalaki na aking itinalaga sa kamatayan, ang iyo n'g pang buhay ay papanaw sa lugar ng kaniyang bayan. **43** At ang hari sa Israel ay napanroon sa kaniyang bahay na yamot at lunos, at napanroon sa Samaria.

**21** At nangyari, pagkatapos ng mga bagay na ito, na si Nabot na Jezreelita ay mainaong isang uwasan na nasa Jezreel, na malapit sa palacio ni Ahab na hari sa Samaria. **2** At sinalita ni Ahab kay Nabot, na sinabing: Ibigay mo sa akin ang iyong uwasan, upang aking tan-killikin na pinaka halamanang gugulayin, sapagka't malapit sa aking bahay; at aking ipapalit sa iyo sa lugar noon ang isang mainam na uwasan kay sa yaon; o kung inaakala mong maluti, aking ibibigay sa iyo ang halaga noon na salapi. **3** At sinabi ni Nabot kay Ahab: Iisag itulot ng PANGISOON sa akin, na aking ibigay ang mana sa aking mga magulang sa iyo. **4** At pumasok si Ahab sa kaniyang bahay na yamot at lunos dahil sa salita na sinalita ni Nabot na Jezreelita sa kaniya: sapagka't kaniyang sinabing: Hindi ko ibibigay sa iyo ang mana sa aking mga magulang. At siya'y nahiga sa kaniyang hiligan, at ipinilit ang kaniyang mukha, at ayaw kumain ng tinapay. **5** Ngunit si Jezebel na kaniyang asawa ay napanroon sa kaniya, at nagsabi sa kaniyang: Bakit ang iyong espiritu ay totoong malungkot na hindi ka kumakain ng tinapay? **6** At sinabi niya sa kaniyang: Sapagka't nag-salita ako kay Nabot na Jezreelita, at nagsabi sa kaniyang: Ibigay mo sa akin ang iyong uwasan sa *lahalagahang* salapi; o kung dili, kung iyong minamabuti, papalitan ko sa iyo ng *ibang* uwasan: at

siya'y sumagot: Hindi ko ibibigay sa iyo ang aking uwasan. **7** At sinabi ni Jezebel na kaniyang asawa sa kaniya: Ikaw ba ngayon ang namamahala sa kaharian ng Israel? Ikaw ay magbangon, at kumain ng tinapay, at pasayahin mo ang iyong puso: aking ibibigay sa iyo ang uwasan ni Nabot na Jezreelita. **8** Sa gayo'y sumulat siya ng mga sulat sa pangalan ni Ahab, at mga tumatakan ng kaniyang tatak, at ipinadala ang mga sulat sa mga matanda at sa mga maalal na nasa kaniyang ciudad, na tumataban na kasama ni Nabot. **9** At kaniyang isinulat sa mga sulat, na sinabing: Maghahag kayo ng isang ayuno at ilagay niyo si Nabot sa pangulo sa kasamahang ng bayan: **10** at lumagay ang dalawang lalaki na mga anak ng Belial sa harap niya, at mgagsisaksi laban sa kaniya, na mag-sabing: Ikaw ay nagkait sa Dios at sa hari. At ilabas nga siya, at batuhin siya, upang siya'y mamatay. **11** At ginawa ng mga tawo sa kaniyang ciudad, ng mga matanda at ng mga maalal na tumataban sa kaniyang ciudad, kung ano ang ipinasugo ni Jezebel sa kanila, ayon sa nangasusulat sa mga sulat na kaniyang ipinadala sa kanila. **12** Sila'y naghayag ng isang ayuno, at inilagay si Nabot sa pangulo sa kasamahang ng bayan. **13** At ang dalawang lalaki na mga anak ng Belial, pumasok, at nupo sa harap niya: at ang mga lalaki ng Belial ay nagsisaksi laban sa kaniya, laban kay Nabot sa harap ng bayan, na nagsabing: Si Nabot ay nagkait sa Dios at sa hari. Ng magkagayo'y inilabas nila sa ciudad, at binato nila siya ng mga bato, na ano pa't siya'y namatay. **14** Ng magkagayo'y sila'y nagsugo kay Jezebel, na nagsabing: Si Nabot ay nabato at patay. **15** At nangyari, ng marinig ni Jezebel na si Nabot ay nabato, at patay, na sinabi ni Jezebel kay Ahab: Ikaw ay magbangon, arin mo ang uwasan ni Nabot na Jezreelita na kaniyang ipinagkait na ibigay sa iyo sa *halaga* ng salapi: sapagka't si Nabot ay hindi buhay, kungdi patay. **16** At nangyari, ng marinig ni Ahab na patay si Nabot, na lumangon si Ahab na lumaba sa uwasan ni Nabot na Jezreelita, upang arin.

**17** At ang salita ng PANGISOON ay dumating kay Elias na Tisbita, na nagsabing: **18** Bumangon ka, pangaing mong salubangin si Ahab na hari sa Israel, na tumataban sa Samaria: narito, siya'y nasa uwasan ni Nabot na kaniyang pinapanag

upang ariin. **19** At iyong sasalitain sa kaniya, na sasabihing: Ganito ang sabi ng PANGINOON: ¿Iyo bang pinatay at iyo ring inari? at iyong sasalitain sa kaniya, na sasabihing: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Sa lugar na pinaghimuran ng mga aso ng dugo ni Nabot ay hihimuran ng mga aso ang iyong dugo, ang iyong sariling dugo. **20** At sinabi ni Ahab kay Elias: ¿Nasumpungan mo ba ako, Oh aking kaaway? At sumagot siya: Nasumpungan kita: sapagka't ikaw ay napa-bili upang gumawa ng kasam-an sa paningín ng PANGINOON. **21** Narito, aking dadalhan ng kasam-an kita, at aking lubos na papalisin kita, at aking ibihihalay kay Ahab ang bawa't anak na lalaki, at ang nakukulong at ang naiwan sa kalua-ngan sa Israel: **22** at aking gagawin ang iyong bahay na gaya ng bahay ni Jeroboam na anak ni Nebat, at gaya ng bahay ni Baasa na anak ni Ahias, dahil sa pamumungkahi na iyong iminungkahi sa akin sa galit, at iyong pinapagkasala ang Israel. **23** At tungkol kay Jezebel ay nagsalita naman ang PANGINOON, na nagsabing: Kakanin ng mga aso si Jezebel sa tabi ng kuta ng Jezreel. **24** Ang mamatay kay Ahab sa ciudad ay kakanin ng mga aso; at ang mamatay sa parang ay kakanin ng mga ibon sa himpapawid. **25** (Ngunit walang gaya ni Ahab na nag-bili sa kaniyang sarili upang gumawa ng kasam-an sa paningín ng PANGINOON, na hinikayat ni Jezebel na kaniyang asawa. **26** At siya'y gumawa ng tootoong kasuklamsuklam sa pagsunod sa mga idolo, ayon sa lahat na ginawa ng mga Amorreo, na mga inihagis ng PANGINOON sa harap ng mga anak ng Israel.) **27** At nangyari, ng marinig ni Ahab ang mga salitang yaon, na kaniyang hinapak ang kaniyang mga damit, at nagsuot ng kayong magaspang sa kaniyang laman, at nag-ayuno, at nahiga sa kayong magaspang, at lumakad ng marahan. **28** At ang salita ng PANGINOON ay dumating kay Elias na Tisbita, na nagsabing: **29** ¿Nakita mo ba kung paanong si Ahab ay nagpakababa sa harap ko? sapagka't siya'y nagpakababa sa harap ko, hindi ko dadalhin ang kasam-an sa kaniyang mga araw: kungdi sa mga kaarawan ng kaniyang anak dadalhin ko ang kasam-an sa kaniyang bahay.

**22** At sila'y nagpatuloy na tatlong taon na walang pagbabaka ang Syria at ang Israel. **2** At nangyari, sa ikatlong taon, na binaba ni Jehosafat na

hari sa Juda ang hari sa Israel. **3** At sinabi ng hari sa Israel sa kaniyang mga lingkod: ¿Di ba talastas ninyo na ang Ramot-gilead ay atin, at tayo'y tatahimik, at hindi natin sasakupin sa kamay ng hari sa Syria? **4** At sinabi niya kay Jehosafat: ¿Sasama ka ba sa akin sa pagbabaka sa Ramot-gilead? At sinabi ni Jehosafat sa hari sa Israel: Ako'y gaya mo, ang aking bayan ay gaya ng iyong bayan, ang aking mga kabayo ay gaya ng iyong mga kabayo. **5** At sinabi ni Jehosafat sa hari sa Israel: Sumanguni ka, isinasamo ko sa iyo, sa salita ng PANGINOON ngayon. **6** Ng magkagayo'y pinisan ng hari ng Israel ang mga profeta na may apat na raang lalaki, at nagsabi sa kanilang: ¿Yayaon ba akong laban sa Ramot-gilead upang bumaka, o uuring ako? At sinabi nilang: Sumampaka: sapagka't ibibigay ng PANGINOON sa kamay ng hari. **7** Ngunit sinabi ni Jehosafat: ¿Wala ba ritong ibang profeta ng PANGINOON upang makapag-usisa tayo sa kaniya? **8** At sinabi ng hari sa Israel kay Jehosafat: May isa pang lalaki na mapag-uusisaan natin sa PANGINOON, si Mikaya na anak ni Imla: ngunit kina-popootan ko siya; sapagka't hindi siya nanghuhula ng mabuti tungkol sa akin, kungdi kasam-an. At sinabi ni Jehosafat: Huag sabihing gayon ng hari. **9** Ng magkagayo'y tumawag ang hari sa Israel ng isang oficial, at nagsabing: Dalhin mo ritong madali sa Mikaya na anak ni Imla. **10** Ang hari nga sa Israel at si Jehosafat na hari sa Juda, ay umupo kapua sa kaniyang luklukan, na nakapanamit hari sa isang hayag na lugar sa pasukan ng pintuang-daan ng Samaria; at ang lahat na profeta ay nanghula sa harap nila. **11** At si Zedekias na anak ni Kenaana ay gumawa ng mga sungay na bakal, at nagsabing: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Sa pamamag-itan ng mga ito ay iyong itutulak ang mga taga Syria hangang sa mgalipol. **12** At ang lahat na mga profeta ay nanghuhulang gayon, na nagsabing: Sumampaka sa Ramot-gilead, at guminhawa ka: sapagka't ibibigay ng PANGINOON sa kamay ng hari. **13** At ang sugo na yumaong tumawag kay Mikaya ay nagsalita sa kaniya, na nagsabing: Narito, ngayon, ang mga salita ng mga profeta ay mabuti sa hari na iisang bibig: isinasamo ko sa iyo na ang iyong bibig ay maging gaya ng isa sa kanila, at magsalita ka ng mabuti. **14** At sinabi ni

Mikaya: Buhay ang PANĠNOON, kung ano ang sabihin ng PANĠNOON sa akin, yaon ang aking sasalitain. **15** At ng siya'y dumating sa hari, sinabi ng hari sa kaniyang: ¿Mikaya, paroroon ba kami sa Ramot-gilead upang bumaka, o utrong kami? At kaniyang isinegot sa kaniyang. Ikaw ay yumaon, at guminhawa; at ibibigay ng PANĠNOON sa kamay ng hari. **16** At sinabi ng hari sa kaniyang: ¿Makailang manunumpa ako sa iyo, na ikaw ay huag magsalita ng ano man sa akin, kungdi ng katobanan sa pangalan ng PANĠNOON? **17** At kaniyang sinabing: Aking nakita ang boong Israel na nangangalat sa mga bundok, na parang mga tupa na walang pastor: at sinabi ng PANĠNOON: Ang mga ito ay walang panginoon; umowi ang bawat lalaki sa kaniyang bahay na payapa. **18** At sinabi ng hari sa Israel kay Jehosafat: ¿Di ba isinaysay ko sa iyo na siya'y hindi manghuhula ng mabuti tungkol sa akin, kungdi kasam-an? **19** At kaniyang sinabing: Kaya't iyong dingin ang salita ng PANĠNOON: Aking nakita ang PANĠNOON na nauupo sa kaniyang luklukan, at ang lahat na hukbo sa langit ay nakatayo sa siping niya sa kaniyang kanan at sa kaniyang kaliwa. **20** At sinabi ng PANĠNOON: ¿Sinong dadaya kay Ahab, upang siya'y sumampa at mabual sa Ramot-gilead? At ang isa'y nagsalita ng ganitong paraan; at ang iba'y nagsalita ng gayong paraan. **21** At lumubas ang isang espiritu at tumayo sa harap ng PANĠNOON, at nagsabing: Aking dadayain siya. **22** At sinabi ng PANĠNOON sa kaniyang: ¿Sa ano? At kaniyang sinabing: Ako'y lalabas, at magiging magdarayang espiritu sa bibig ng lahat niyang mga profeta. At kaniyang sinabing: Iyong dadayain siya at mananaig ka rin: lumabas ka at gawin mong gayon. **23** Ngayon nga, narito, inilagay ng PANĠNOON ang magdarayang espiritu sa bibig ng lahat ng iyong mga profetang ito: at ang PANĠNOON ay nagsalita ng kasam-an tungkol sa iyo. **24** Ng magkagayo'y lumapit si Zedekias na anak ni Kanaana, at sinugatan si Mikaya sa pisngi, at nagsabing: ¿Saan nagdaan ang espiritu ng PANĠNOON na mula sa akin, upang magsalita sa iyo? **25** At sinabi ni Mikaya: Narito, iyong makikita sa araw na yaon pagka ikaw ay japasok sa pinakalob na silid upang magkubli. **26** At sinabi ng hari sa Israel: Kunin

mo si Mikaya, at ibalik mo kay Amon na gobernador sa ciudad, at kay Jeas na anak ng hari; **27** at iyong sabihing: Ganito ang sabi ng hari: Ilagay ninyo ang katotong ito sa bilangguan, at jakinin ninyo siya ng tinapay ng kapighatian at ng tubig ng kapighatian, hangang sa ako'y dumating na payapa. **28** At sinabi ni Mikaya: Kung ikaw ay magbalik sa ano mang paraan na payapa, ang PANĠNOON ay hindi nagsalita sa pamamag-itan ko. At kaniyang sinabing: Dingin ninyo, ninyong mga bayan, ninyong lahat.

**29** Sa gayo'y ang hari sa Israel at si Jehosafat na hari sa Juda ay sumampa sa Ramot-gilead. **30** At sinabi ng hari sa Israel kay Jehosafat: Ako'y magpapakunuarang iba, at paroroon sa pagbabaka; ngunit ikaw ay magsuot ng iyong mga balabal. At ang hari sa Israel ay nagpakunuarang iba, at naparoon sa pagbabaka. **31** Ang hari nga sa Syria ay nag-utos sa tatlong puot dalawang kapitan ng kaniyang mga karro, na nagsabing: Huag kayong bumaka kahi't sa maliit o sa malaki man, liban lamang sa hari sa Israel. **32** At nangyari, ng makita ng mga kapitan ng mga karro si Jehosafat, na kanilang sinabing: Walang pagsalang hari sa Israel; at sila'y nagbalik upang bumaka laban sa kaniya: at si Jehosafat ay humiyaw. **33** At nangyari, ng makita ng mga kapitan sa mga karro na hindi siyang hari sa Israel, na sila'y humiwalay ng paghabel sa kaniya. **34** At inihilagpos ng isang lalaki ang kaniyang pana sa isang pagkakatapon, at sinugatan ang hari sa Israel sa pag-itan ng mga pagkakasugpong ng sakbat: kaya't kaniyang sinabi sa nagpapatakbo ng kaniyang karro: Ipihit mo ang iyong kamay, at ihiwalay mo ako sa hukbo; sapagka't ako'y nasugatan ng mabigat. **35** At ang pagbabaka ay lumala ng araw na yaon: at ang hari ay natigil sa kaniyang karro laban sa mga taga Syria, at namatay sa kinahapunan: at ang dugo ay bumuluak sa sugat sa pinakalob ng karro. **36** At nagkaroon ng hiyawan sa boong hukbo sa may paglubog ng araw, na nagsabing: Bawa't lalaki ay sa kaniyang ciudad, at bawa't lalaki ay sa kaniyang lupain. **37** Sa gayo'y ang hari ay namatay, at nadala sa Samaria; at kanilang inililing ang hari sa Samaria. **38** At kanilang hinugasan ang karro sa tabi ng lawa sa Samaria; at hinimuran ng mga tao ang kaniyang dugo: (ang mga dalahira nga ay nagsipaligo doon;) ayon sa salita ng PANĠ-



NOON na kaniyang sinalita. **39** Ang iba nga sa mga gawa ni Ahab, at ang lahat niyang ginawa, at ang babay na garing na kaniyang itinayo, at ang lahat na ciudad na kaniyang itinayo, ¿di ba mga nasusulat sa libro ng mga alaala sa mga hari sa Israel? **40** Sa gayo'y natulog si Ahab na kasama ng kaniyang mga magulang; at si Ahazia na kaniyang anak ay naghari na kahalil niya.

**41** At si Jehosafat na anak ni Asa ay nagpasimulang maghari sa Juda, sa ikaapat na taon ni Ahab na hari sa Israel. **42** Si Jehosafat ay tatlong puo't limang taon ng magpasimulang maghari; at siya'y nagharing dalawang puo't limang taon sa Jerusalem. At ang pangalan ng kaniyang ina ay Azuba na anak ni Silbi. **43** At siya'y lumakad ng boong lakad ni Asa na kaniyang ama; hindi siya lumiko, na gumawa ng mabuti sa mga mata ng PANGINOON: gayon ma'y ang mga mataas na lugar ay hindi naalis; ang bayan ay nagpatuloy na naghahayin, at nagsusunog ng kamanyan sa mga mataas na lugar. **44** At si Jehosafat ay nakipagpayapaan sa hari ng Israel. **45** Ang iba nga sa mga gawa ni Jehosafat, at ang kaniyang kapangyarihan na kaniyang ipinakita, at kung paanong siya'y nakipagbaka, ¿di ba mga nasusulat sa libro ng buhay ng mga hari sa Juda? **46** At ang nalabi sa mga

sodomita na nalabi sa mga kaarawan ng kaniyang ama na si Asa, kaniyang inalis sa lupain. **47** At walang hari sa Edom: isang kinatawan ang hari. **48** Si Jehosafat ay gumawa ng mga sasakyan Tarsis, upang pumaroon sa Ofir dahil sa gintong nguni't hindi sila naparoon; sapagka't ang mga sasakyan ay nasira sa Eziongeber. **49** Ng magkagayo'y sinabi ni Ahazia na anak ni Ahab kay Jehosafat: Magsiyaon ang aking mga alipin na kasama ng iyong mga alipin sa mga sasakyan. Nguni't tumangi si Jehosafat. **50** At si Jehosafat ay natulog na kasama ng kaniyang mga magulang, at nalibing na kasama ng kaniyang mga magulang sa ciudad ni David na kaniyang magulang: at si Jehoram na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya. **51** Si Ahazia na anak ni Ahab ay nagpasimulang maghari sa Israel sa Samaria sa ikalabing pitong taon ni Jehosafat na hari sa Juda, at siya'y nagharing dalawang taon sa Israel. **52** At siya'y gumawa ng masama sa paningin ng PANGINOON, at lumakad ng lakad ng kaniyang ama, at ng lakad ng kaniyang ina, at ng lakad ni Jeroboam na anak ni Nebat, na ipinagkasala niya sa Israel. **53** At siya'y naglingkod kay Baal, at sumamba sa kaniya, at minungkahi sa galit ang PANGINOON, ang Dios ng Israel, ayon sa lahat na ginawa ng kaniyang ama.

## ANG

# IKALAWANG LIBRO NG MĀ HARI.

**1** At ang Moab ay nanghimagsik laban sa Israel pagkamatay ni Ahab. **2** At si Ahazia ay nabulog sa silipan sa kaniyang lalong mataas na silid na nasa Samaria, at nagkasakit: at siya'y nagsugo ng mga sugo, at nagsabi sa kanilang: Kayo ay yumaon, usisain ninyo kay Baal-zebub, na dios sa Ekron, kung ako'y gagaling sa sakit na ito. **3** Nguni't sinabi ng angel ng PANGINOON kay Elias na Tisbita: Ikaw ay bumangon, sumampa ka na salubungin mo ang mga sugo ng hari sa Samaria, at sabihin mo sa kanilang: ¿Dahil ba sa walang Dios sa Israel, na kayo'y yumayaon upang mag-usisa kay Baal-zebub na dios sa Ekron? **4** Ngayon nga'y

ganito ang sabi ng PANGINOON: Ikaw ay hindi bababa sa hihigan na iyong sinampahan kungdi walang pagsalang ikaw ay mamamatay. At si Elias ay yumaon. **5** At ang mga sugo ay nagbalik sa kaniya, at sinabi niya sa kanilang: ¿Bakit kayo'y nagbabalik? **6** At sinabi nila sa kaniyang: Sumampa ang isang lalaki na sinalubong kami, at sinabi sa aming: Kayo'y yumaon, magbalik kayo sa hari na nagsugo sa inyo, at sabihin ninyo sa kaniyang: Ganito ang sabi ng PANGINOON: ¿Dahil ba sa walang Dios sa Israel na ikaw ay nagsusugo upang mag-usisa kay Baal-zebub na dios sa Ekron? **Kaya't** hindi ka bababa sa hihigan na

iyong sinampahan, kungdi walang pagsalang ikaw ay mamamatay. **7** At sinabi niya sa kanilang: ¿Anong anyo ng lalaki siya na sumampa na sumalubong sa inyo, at nagsaysay sa inyo ng mga salitang ito? **8** At sila'y sumagot sa kaniyang: Siya'y lalaking may suot na balahibo at naka-bigkis ng bigkis na balat ng kayap sa kaniyang mga balakang. At kaniyang sinabing: Siya'y si Elias na Tisbita. **9** Ng magkagayo'y nagsugo ang hari sa kaniya ng isang kapitan ng lilingangpuin na kasama ang kaniyang limangpuo. At sinampa niya siya: at, narito, siya'y umupo sa taluktok ng burol. At siya'y nagsalita sa kaniyang: Oh lalaki ng Dios, sinabi ng hari: Manaog ka. **10** At si Elias ay sumagot, at nagsabi sa kapitan ng lilingangpuin: Kung ako'y lalaki ng Dios, bumaba ang apoy na mula sa langit, at supukin ka at ang iyong limangpuo. At bumaba'y apoy na mula sa langit, at sinupok siya at ang kaniyang limangpuo. **11** At muli siyang nagsugo sa kaniya ng ibang kapitan ng lilingangpuin na kasama ang kaniyang limangpuo. At siya'y sumagot, at nagsabi sa kaniyang: Oh lalaki ng Dios, ganito ang sabi ng hari: Manaog kang madali. **12** At si Elias ay sumagot, at nagsabi sa kanilang: Kung ako'y lalaki ng Dios, bumaba ang apoy na mula sa langit, at supukin ka at ang iyong limangpuo. At ang apoy ng Dios ay bumaba na mula sa langit, at sinupok siya at ang kaniyang limangpuo. **13** At muli siya'y nagsugo ng kapitan ng ikatlong lilingangpuin na kasama ng kaniyang limangpuo. At ang ikatlong kapitan ng lilingangpuin ay sumampa, at naparoon at lumohod sa harap ni Elias, at ramanhik sa kaniya, at nagsabi sa kaniyang: Oh lalaki ng Dios, isinasamo ko sa iyo na ang aking buhay, at ang buhay ng limangpuong ito na iyong mga alipin ay maging mahalaga sa iyong paningin. **14** Narito, bumaba ang apoy na mula sa langit, at sinupok ang dalawang unang kapitan ng lilingangpuin sampuo ng kanilang mga limangpuo: ngunit ang aking buhay nga'y maging mahalaga sa iyong paningin. **15** At sinabi ng angel ng PANGINOON kay Elias: Bumaba kang kasama niya: huag kang matalok sa kaniya. At siya'y tumindig, at bumabang kasama niya hangang sa hari. **16** At sinabi niya sa kaniyang: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Sa paraang ikaw ay nagsugo ng mga sugo upang mag-urisa

kay Baal-zebub na dios sa Ekron, ¿dahil ba sa walang Dios sa Israel upang mag-urisa sa kaniyang salita? kaya't hindi ka babala sa lubhigan na iyong sinampahan, kungdi walang pagsalang mamamatay ka. **17** Sa gayo'y namatay siya, ayon sa salita ng PANGINOON na sinalita ni Elias. At si Jehoram ay nagpasimulang naghari na kahalili niya sa ikalawang taon ni Jehoram na anak ni Jehosafat na hari sa Juda; sapagka't walang anak. **18** Ang iba nga sa mga gawa ni Ahazia na kaniyang ginawa, ¿di ba mga nasusulat sa libro ng mga alaala sa mga hari sa Israel?

**2** At nangwari, ng isampapa ng PANGINOON si Elias sa langit sa pamamagitan ng isang ipolpo, na si Elias ay yumaong kasama ni Eliseo mula sa Gilgal. **2** At sinabi ni Elias kay Eliseo: Isinasamo ko sa iyo na maghintay ka rito: sapagka't sinugo ako ng PANGINOON sa kasinlayo ng Bet-el. At sinabi ni Eliseo: Buhay ang PANGINOON, at buhay ang iyong kaluluha, hindi kita liwan. Sa gayo'y sila'y bumaba sa Bet-el. **3** At nilabas ng mga anak ng mga profeta na para Bet-el si Eliseo, at nagsabi sa kaniyang: ¿Talastas mo ba na ihiliwalay ng PANGINOON ang iyong panginoon sa iyong ulo ngayo? At kaniyang sinabing: Oo, talastas ko; pumayapa kayo. **4** At sinabi ni Elias sa kaniyang: Eliseo, isinasamo ko sa iyo na maghintay ka rito; sapagka't sinugo ako ng PANGINOON sa Jeriko. At kaniyang sinabing: Buhay ang PANGINOON, at buhay ang iyong balahibo, hindi kita liwan. Sa gayo'y naparoon sila sa Jeriko. **5** At lumapit ang mga anak ng mga profeta na para Jeriko kay Eliseo, at nagsabi sa kaniyang: ¿Talastas mo ba na ihiliwalay ng PANGINOON ang iyong panginoon sa iyong ulo ngayo? At siya'y sumagot: Oo, talastas ko; pumayapa kayo. **6** At sinabi ni Elias sa kaniyang: Isinasamo ko sa iyo na maghintay ka rito; sapagka't sinugo ako ng PANGINOON sa Jordan. At kaniyang sinabing: Buhay ang PANGINOON at buhay ang iyong kaluluha, hindi kita liwan. At silang dalawa ay yumaon. **7** At limangpuo sa mga anak ng mga profeta ay yumaon, at tumayo sa tapat nila sa malayo; at silang dalawa ay tumayo sa siping ng Jordan. **8** At kinuha ni Elias ang kaniyang balabal at tinuklop, at sinugatan ang mga tubig, at mga nabahagi dito at doon, na ano pat silang dalawa'y dumaan sa tuyong lupa. **9** At nangyari, ng sila'y

makadaan, na sinabi ni Elias kay Eliseo: Hingin mo kung ano ang gagawin ko sa iyo, bago ako maalis sa iyo. At sinabi ni Eliseo: Isinasamo ko sa iyo, na ang makalawang bahagi ng iyong espiritu ay sumaaakin. **10** At sinabi niyang: Ikaw ay humingi ng mabigat na bagay: *gayon ma'y* kung makita mo ako pagka ako'y naalis sa iyo, magiging gayon sa iyo; nguni't kung hindi, magiging gayon.

**11** At nangyari, samantalang sila'y nagpapatuloy at nagsasalitaan, na, narito, *napakita* ang isang karrong apoy, at mga kabayong apoy, na naghiwalay sa kanila kapua; at si Elias ay sumampa sa langit sa pamamag-itan ng isang ipoipo. **12** At nakita ni Eliseo, at siya'y sumigaw: ¡ Ama ko! ¡ ama ko! ¡ mga karrao sa Israel at mga mangangabayo noon! At hindi na niya nakita pa siya: at kaniyang hinawakan ang kaniyang sariling kasuotan, at mga hinapak ng dalawang piraso. **13** Kinuha naman niya ang balabal ni Elias na nahulog sa kaniya, at *siya'y* bumalik at tumayo sa tabi ng pangpang ng Jordan.

**14** At kaniyang kinuha ang balabal ni Elias na nahulog sa kaniya, at sinugatan ang mga tubig, at sinabing: ¡ Saan nandoon ang PANGINOON, ang Dios ni Elias? at ng kaniyang masugatao naman ang mga tubig, mga nabahagi dito't doon: at si Eliseo ay dumaan. **15** At ng makita siya ng mga anak ng mga profeta na mga nasa Jeriko sa tapat niya, kanilang sinabing: Ang espiritu ni Elias ay nagpapahinga kay Eliseo. At sila'y naparoon na sinalubong siya, at sila'y nagpatirapa sa lupa sa harap niya. **16** At kanilang sinabi sa kaniyang: Narito, ngayon sa iyong mga alipin ay may limang puong malakas na lalaki; isinasamo namin sa iyo na payunin mo sila, at hanapin ang iyong panginon: baka sakaling itinaas ng espiritu ng PANGINOON, at inihagis sa isang bundok o sa isang libis. At kaniyang sinabing: Kayo'y huag magsugo. **17** At ng kanilang pilitin siya hangang sa siya'y mapahiya, kaniyang sinabing: Magsugo kayo. Sila'y nagsugo ng ng limang puong lalaki, at hinanap nilang tatlong araw, nguni't hindi nasumpungan siya. **18** At sila'y nagbalik sa kaniya, samantalang sila'y naghihintay sa Jeriko; at kaniyang sinabi sa kanilang: ¡ Di ba sinabi ko sa inyong: Huag kayong yumaon?

**19** At sinabi ng mga lalaki sa ciudad kay Eliseo: Narito, isinasamo namin sa iyo, ang kalagayan ng ciudad na ito ay

maligaya, gaya ng nakikita ng aking panginon: nguni't ang tubig ay masama, at ang lupa ay nagpapalagas ng bunga. **20** At kaniyang sinabing: Dalhan ninyo ako ng isang bagong sisidlang lupa, at sidlan ninyo ng asin. At kanilang dinala sa kaniya. **21** At siya'y naparoon sa bukal ng tubig, at hinagisan niya ng asin, at nagsabing: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Aking pinagaling ang nga tubig na ito; hindi na magkakaroon mula rito ng kamatayan pa o pagkalagas ng bunga. **22** Sa gayo'y ang mga tubig ay gumaling hangang sa araw na ito, ayon sa salita ni Eliseo na kaniyang sinalita.

**23** At siya'y sumampa sa Bet-el mula roon: at samantalang siya'y sumasampa sa daan, lumabas sa ciudad ay mga munting bata, at tinuya siya, at sinabi *niya* sa kaniyang: Sumampa ka, ikaw na kalbo ang ulo; sumampa ka, ikaw na kalbo ang ulo. **24** At siya'y lumingon sa likuran niya, at mga nakita niya, at sinumpa niya sila sa pangalan ng PANGINOON. At lumabas ang dalawang osong babaye sa gubat, at lumapa ng apat na puo't dalawang bata sa kanila. **25** At siya'y naparoon sa bundok na Karmel mula roon, at mula roo'y nagbalik siya sa Samaria.

**3** Si Jehoram nga na anak ni Ahab ay nagpasimulang maghari sa Israel sa Samaria sa ikalabing walong taon ni Jehosafat na hari sa Juda, at nagharing lubing dalawang taon. **2** At siya'y gumawa ng masama sa paningin ng PANGINOON; nguni't hindi gaya ng kaniyang ama, at ng kaniyang ina: sapagka't kaniyang inalis ang haligi ni Baal na ginawa ng kaniyang ama. **3** Gayon ma'y siya'y lumakip sa mga kasalanan ni Jeroboam na anak ni Nebat, na ipinapagkasala niya sa Israel; hindi niya hiniwalayan.

**4** Si Mesa nga na hari sa Moab ay may mga tupa; at siya'y nagbubuis sa hari sa Israel ng balahibo ng isang daang libong cordero at isang daang libong lalaking tupa. **5** Nguni't nangyari, ng mamatay si Ahab, na ang hari sa Moab ay nanghimagsik laban sa hari sa Israel. **6** At ang haring Jehoram ay lumabass sa Samaria ng panahong yaon, at pinisan ang boong Israel. **7** At siya'y yumaon, at nagsugo kay Jehosafat na hari sa Juda, na nagsabing: Ang hari sa Moab ay nanghimagsik laban sa akin: ¡yawaong ka ba na kasama ko laban sa Moab upang bumaka? At kaniyang sinabing; Ako'y sasampa: Ako'y gaya mo, ang aking

bayan ay gaya ng iyong bayan, ang aking mga kabayo ay gaya ng iyong mga kabayo. **8** At kaniyang sinabing: *!Sa aling daan tayo sasampa?* At siya'y sumagot: *Sa daan ng ilang ng Edom.* **9** Sa gayo'y yumaon ang hari sa Israel, at ang hari sa Juda, at ang hari sa Edom: at sila'y lumigid ng pitong araw na paglalakbay; at walang tubig para sa hukbo, o sa mga hayop man na surusunod sa kanila. **10** At sinabi ng hari sa Israel: *!Sa aba natin! sapagka't tinawag ng PANGINOON upang tatlong haring ito na magkakasama upang mga ibigay sa kamay ng Moab.* **11** Ngunit sinabi ni Jehosafat: *!Wala ba ritong isang profeta ng PANGINOON, upang tayo'y makapag-usisa sa PANGINOON sa pamamagitan niya?* At isa sa mga lingkod ng hari sa Israel ay sumagot, at nagsabing: *Si Eliseo na anak ni Safat ay nandito, na nagbubuhos ng tubig sa mga kamay ni Elias.* **12** At sinabi ni Jehosafat: *Ang salita ng PANGINOON ay suma sa kaniya.* Sa gayo'y binaba siya ng hari sa Israel, at ni Jehosafat at ng hari sa Edom. **13** At sinabi ni Eliseo sa hari sa Israel: *!Anong ipakikialam ko sa iyo? pumareon ka sa mga profeta ng iyong ama, at sa mga profeta ng iyong ina.* At sinabi ng hari sa Israel sa kaniyang: *Hindi: sapagka't tinawag ng PANGINOON ang tatlong haring ito na magkakasama upang ibigay sila sa kamay ng Moab.* **14** At sinabi ni Eliseo: *Buhay ang PANGINOON ng mga hukbo, sa harap ninyo ako tumatayo, tumay, na kung wala akong pagtingin sa harap ni Jehosafat na hari sa Juda, hindi kita lilingapin o titingnan man.* **15** Ngunit ngayo'y dalhan ninyo ako ng isang manunugtog. At nangyayari, ng ang manunugtog ay tumugtog, na ang kamay ng PANGINOON ay suma kaniya. **16** At kaniyang sinabing: *Ganito ang sabi ng PANGINOON: Pupuin ninyo ang libis na ito ng mga hukay.* **17** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON: *Kayo'y hindi makakakita ng hangin, o kayo'y makakakita man ng ulan, gayon may ang libis na yaon ay mapupuno ng tubig: at kayo'y iinom, kayo, at gayon din ang inyong mga baka, at ang inyong mga hayop.* **18** At ito'y isang bagay na magaan sa paningin ng PANGINOON: kaniya rin namang ibibigay ang mga Moabita sa inyong kamay. **19** At inyong susugatan ang baw't ciudad na nakukutaan, at baw't magandang ciudad, at inyong ibu-

bual ang baw't mabuting punong kahoy, at inyong patitigilin ang lahat na bukal ng tubig, at inyong sisirain ang baw't mabuting piraso ng lupain ng mga bato. **20** At nangvari, sa kinaumagahan, sa may eras ng paghahandog ng alay, manarito, humuho ang tubig sa daan ng Edom, at ang lupain ay napuno ng tubig. **21** Ng marinig nga ng lahat na Moabita na ang mga hari ay sumampa upang bumaka laban sa kanila, sila'y nagpipisang lahat na makapag-asakbat ng sakbat at hangang sa katandaan, at tumayo sa hangganan. **22** At sila'y nagbangong maaga ng kinaumagahan, at ang araw ay sumikat sa tubig, at nakita ng mga Moabita ang tubig sa tapat nila na mapulang parang dugo: at kanilang sinabing: **23** Ito'y dugo; ang mga hari ay walang pag-salang lipol, at sinugatan ng baw't isa sa kanila ang kaniyang kasama: ngayon nga, Moab, sa pagsamsam. **24** At ng sila'y dumating sa kampeonato ng Israel ang mga taga Israel ay nagtindig, at sinugatan ang mga Moabita, na ano pa't sila'y tumakas sa harap nila: at sila'y nagpatuloy sa lupain na sinugatan ang mga Moabita. **25** At kanilang giniba ang mga ciudad; at sa baw't mabuting pirasong lupa, sila'y lamahagis baw't tawo ng kaniyang bato, at pumupuno; at kanilang pinatigil ang lahat na bukal ng tubig, at ibinubual ang lahat na mabuting punong kahoy: sa Kir-hareset *lupang* nag-iwan ng mga bato; gayon may kinubkob ng mga manghihilagpos, at sinugatan. **26** At ng makita ng hari sa Moab na ang pagbabaka ay totoong malala sa ganang kaniya, siya'y nagsama ng pitong daang lalaki na lumahawak ng tabak, upang dumaluhong sa hari sa Edom: ngunit hindi nila nagawa. **27** Ng magkagayon'y kinuha niya ang kaniyang pinakamutandang anak na magbabari na kahalili niya, at mihandog niya na pinakabandog na surusunin sa ibabaw ng kuta. At nagkaroon ng malaking galit laban sa Israel: at kanilang nilisan siya, at magbalik sa kanilang sariling lupain.

**4** Sumigaw nga ang isang babaye sa mga asawa ng mga anak ng mga profeta kay Eliseo, na nagsabing: *Ang iyong alipin na aking asawa ay namatay: at iyong talastas na ang iyong alipin ay natakot sa PANGINOON: at ang mangpapatubo ay naparito upang kuning alipin sa kaniya ang aking dalawang anak.* **2** At sinabi ni Eliseo sa kaniyang:

¿Anong gagawin ko sa iyo? Saysayin mo sa akin; ¿Anong mairoon ka sa bahay? At sinabi niyang: Ang iyong alipin ay walang ano mang bagay sa bahay liban sa isang palook na langis. 3 Ng magkagayo'y sinabi niyang: Ikaw ay yumaon, manghiram ka ng mga sisidlan sa labas sa lahat ng iyong mga kapitbahay, ng mga walang lamang sisidlan; huag kang manghiram ng kaunti. 4 At ikaw ay papasok, at iyong isasara ang pintuan sa iyo at sa iyong mga anak, at mga iyong ibubuhos ang langis sa lahat ng sisidlan yaon; at iyong itatabi ang mapuno. 5 Sa gayo'y nilisan niya siya, at isinara niya ang pintuan sa kaniya at sa kaniyang mga anak; kanilang dinadala ang mga sisidlan sa kaniya, at kaniyang mga binubuhusan. 6 At nangyari, ng ang mga sisidlan ay mapuno, na kaniyang sinabi sa kaniyang anak: Dalhan mo pa ako ng isang sisidlan. At sinabi niya sa kaniyang: Wala ng sisidlan. At ang langis ay tumigil. 7 Ng magkagayo'y siya'y naparoon, at kaniyang isinaysay sa lalaki ng Dios. At kaniyang sinabing: Ikaw ay yumaon, ipagbili mo ang langis, at bayaran mo ang iyong utang, at mabuhay ka at ang iyong mga anak sa nalabis.

8 At nangyari, isang araw na si Eliseo ay nagdaan sa Sunem, na kinaroroonan ng isang dakilang babaye; at pinilit siya niya na kumain ng tinapay. At nagkagayon, na habang siya'y dumaraan ay lumiliko roon upang kumain ng tinapay. 9 At sinabi niya sa kaniyang asawa: Narito, ngayon, aking nahahalata na ito'y isang santong lalaki ng Dios na nagdadaan sa ating palagi. 10 Isinasamo ko sa iyo na taoy'y gumawa ng isang maliit na silid sa pader; at ating ipaglagay siya roon ng isang hihigan, at ng isang dulang, at ng isang upuan, at ng isang kandelerero: at mangyari, pagka siya'y dumarating sa atin, na siya'y papasok doon. 11 At nangyari, isang araw, na siya'y dumating doon, at siya'y lumiko na nasok sa silid, at nahiga doon. 12 At sinabi niya kay Gehazi na kaniyang lingkod: Tawagin mo ang Sunamitang ito. At ng matawag niya, siya'y tumayo sa harap niya. 13 At sinabi niya sa kaniyang: Sabihin mo ngayon sa kaniyang: Narito, ikaw ay naging maingat sa amin ng boon pag-iingat na ito; ¿ano nga ang magagawa sa iyo? ¿ibig mo bang ipakiusap kita sa hari, o ko kapitan ng hukbo? At siya'y sumagot: Ako'y tumatahan sa gitna ng aking sariling bayan. 14 At kaniyang

sinabing: ¿Ano nga ang magagawa sa kaniya? At sumagot si Gehazi: Kabotohanang siya'y walang anak, at ang kaniyang asawa ay matanda na. 15 At kaniyang sinabing: Tawagin siya. At ng kaniyang tawagin siya, siya'y tumayo sa pintuan. 16 At kaniyang sinabing: Sa panahong ito, pagka ang panahon ay lumiligid, ikaw ay maghahandong ng isang anak. At kaniyang sinabing: Hindi panginooon ko, ikaw na lalaki ng Dios, huag kang magsinungaling sa iyong lingkod. 17 At ang babaye ay naglihi, at nanganak ng isang lalaki ng panahong yaon, ng ang panahon ay lumigid gaya ng sinabi ni Eliseo sa kaniya: 18 At ng ang bata ay lumaki ay nangyari, isang araw, na siya'y umalis na napatungo sa kaniyang ama, sa mga mangagapas. 19 At kaniyang sinabi sa kaniyang ama: Ulo ko, ulo ko. At sinabi niya sa kaniyang aliping: Dalhin mo siya sa kaniyang ina. 20 At ng kaniyang sungaban siya at dalhin siya sa kaniyang ina, siya'y umupo sa kaniyang tuhod hangang sa katanghaliang tapat, at ng magkagayo'y namatay. 21 At siya'y sumampa, at nahiga sa hihigan ng lalaki ng Dios, at pinagsarhan niya ng pintuan siya at lumabas. 22 At kaniyang dinainngan ang kaniyang asawa, at nagsabing: Isinasamo ko sa iyo na iyong suguin sa akin ang isa sa iyong mga alipin at, ang isa sa mga asno, upang aking takbuhin ang lalaki ng Dios, at bumalik uli. 23 At kaniyang sinabing: ¿Bakit paroroon ka sa kaniya ngayon? hindi bagong buan o sabado man. At kaniyang sinabing: Magiging mabuti. 24 Ng magkagayo'y siya'y naghanda ng isang asno, at nagsabi sa kaniyang aliping: Ikaw ay magpatakbo, at magpatuloy; huag mo akong pigilin sa pagtakbo, malibang sabihin ko sa iyo. 25 Sa gayo'y siya'y yumaon, at naparoon sa lalaki ng Dios sa bundok ng Karmel. At nangyari, ng makita siya ng lalaki ng Dios sa malayo, na kaniyang sinabi kay Gehazi na kaniyang lingkod: Narito, nandoon ang Sunamita: 26 isinasamo ko sa iyo na ikaw ay tumakbo ngayon na salubungin siya, at iyong sabihin sa kaniyang: ¿Mabuti ba sa iyo? ¿mabuti ba sa iyong asawa? ¿mabuti ba sa bata? At siya'y sumagot: Mabuti. 27 At ng siya'y dumating sa lalaki ng Dios sa burol, siya'y humawak sa kaniyang mga paa. At lumapit si Gehazi upang ipagpag siya; ugumit sinabi ng lalaki ng Dios: Bayan siya: sapag-

ka't ang kaniyang kaluluha ay masaklap sa kaniya; at inililim ng PANGINOON sa akin, at hindi isinaysay sa akin. 28 Ng magkagayo'y sinabi niyang: ?Ako ba'y nagtasa ng isang anak sa aking panginoon? ?di ba sinabi kong: Huag mo akong dayain? 29 Ng magkagayo'y sinabi niya kay Gehazi: Bigkisan mo ang iyong mga balakang at tangnan mo ang aking tungkod sa iyong kamay, at yumaon ka ng iyong lakad: kung ikaw ay makakasalubong ng sino mang tawo, huag mo siyang batin; at kung ang sino man ay bumati sa iyo, huag mo siyang agutin: at ipatong mo ang aking tungkod sa mukha ng bata. 30 At sinabi ng ina ng bata: Buhay ang PANGINOON, at buhay ang iyong kaluluha, hindi kita iwan. At siya'y nagtindig, at sumunod sa kaniya. 31 At si Gehazi ay nagpauna sa kanila, at ipinatong ang tungkod sa mukha ng bata; ngunit wala kahi't voces, o pakikinig man. Kaya't siya'y bumalik na sinalubong siya, at nagsaysay sa kaniya, na nagsabing: Ang bata'y hindi gising. 32 At ng si Eliseo ay dumating sa bahay, narito, ang bata'y patay, at nakahiga sa kaniyang hihiogan. 33 Siya'y pumasek nga at sinarahan ang pintuan sa kanilang dalawa, at dumalangin sa PANGINOON. 34 At siya'y sumampa, at nahiga sa ibabaw ng bata, at idinikit ang kaniyang bigig sa bigig niya, at ang kaniyang mga mata sa mga mata niya, at ang kaniyang mga kamay sa mga kamay niya: at siya'y umuhat sa kaniya; at ang laman ng bata ay umiinit. 35 Ng magkagayo'y siya'y nagbalik, at lumakad sa bahay na parco't parito na minsan; at sumampa, at umuhat sa kaniya: at ang bata'y nagbahing makapito, at idinilat ng bata ang kaniyang mga mata. 36 At tinawag niya si Gehazi, at sinabing: Tawagin mo ang Samanilang Ito. Sa gayo'y tinawag niya siya. At ng siya'y pumareon sa kaniya, sinabi niyang: Itaas mo ang iyong anak. 37 Ng magkagayo'y siya'y nasok at nagpatirapa sa kaniyang mga paa, at nagpatisubasob sa lupa; at itineas niya ang kaniyang anak, at umalis.

38 At si Eliseo ay nagbalik sa Gligal: at may kagutom sa lupain; at ang mga anak ng mga profeta ay nakaupo sa harap niya: at sinabi niya sa kaniyang lingkod: Isalang mo ang malaking paliok, at ipagluto mo ng lutuin ang mga anak ng mga profeta. 39 At ang isa ay lumabas sa bukid upang manguha ng mga gugulayin,

at nakasampung ng isang puwang uwag gubat, at pumitas doon ng mga kalabasang gubat na ang kaniyang kandungan ay puno, at narearon at mga pinagpipirasado at *isnilid* sa paliok ng lutuin: sapagka't hindi nila nila nalalaman. 40 Sa gayo'y kanilang ibuhos para sa mga tawo upang kainin. At nangyari, samantalang sila'y kumakain ng pagkain, na sila'y sumigaw, at nagsabing: Oh lalaki ng Dios, may kamatayan sa paliok. At hindi nakain. 41 Ngunit kaniyang sinabing: Magdala nga rito ng harina. At kaniyang isnilid sa paliok; at kaniyang sinabing: Ibihos niyo para sa bayan, upang sila'y makakain. At wala ng makasama sa paliok.

42 At dumating ang isang lalaki na mula sa Baal-salisa, at nagdala sa lalaki ng Dios ng tinapay ng mga uwang bunga, dalawang puong tinapay na cebada, at mga murang uhay ng trigo na nasa kaniyang bayong. At kaniyang sinabing: Ibigay mo sa bayan, upang kanilang makain. 43 At sinabi ng kaniyang lingkod: ?Aho, ilalagap ko ba ito sa harap ng isang daang lalaki? Ngunit kaniyang sinabing: Ibigay sa bayan upang kanilang makain; sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON: Sila'y kakain at magtitira noon. 44 Sa gayo'y inilapag niya sa harap nila, at sila'y kumain, at nagtira noon ayon sa salita ng PANGINOON.

5 Si Naaman nga, na kapitan sa hukbo ng hari sa Syria, ay malaking lalaki sa kaniyang panginoon, at marangal, sapagka't sa pamamagitan niya'y nagbigay ang PANGINOON ng pagtatagumpay sa Syria: siya nama'y makapangyarihang lalaki sa katapangan, *ngunit may ketong*.

2 At ang mga taga Syria ay lumabas na mga pulutong, at nagdala ng bihag na mula sa lupain ng Israel na isang dalagita; at siya'y tumutulong sa asawa ni Naaman. 3 At sinabi niya sa kaniyang babayong panginoon: ?Kahi manuari ang aking panginoon ay humarap sa profeta na nasa Samaria! kung magkagayo'y galing siya sa kaniyang ketong. 4 At nasok ang isa, at isinaysay sa kaniyang panginoon, na nagsabing: Ganito't ganito ang sabi ng dalagita na nagmula sa lupain ng Israel. 5 At sinabi ng hari sa Syria: Yumaon ka, yumaon ka, at ako'y magpapadala ng sulat sa hari sa Israel. At siya'y yumaon, at nagdala siya ng sampung talentong pilak, at anim na libong *pirasong ginto*, at sampuon pangpalit na

bilisan. **6** At kaniyang dinala ang sulat sa hari sa Israel, na nagsabing: At pagka nga dumating sa iyo ang sulat na ito, narito, aking sinugo si Naaman na aking lingkod sa iyo, upang iyong pagalingin niya sa kaniyang ketong. **7** At nangyari, ng mabasa ng hari sa Israel ang sulat, na kaniyang hinapak ang kaniyang damit, at nagsabing: *¿*Ako ba'y Dios upang pumatay at bumuhay, na ang lalaking ito ay sinugo sa akin upang pagalingin sa kaniyang ketong? nguni't talastasin mo, isinasamo ko sa iyo, at tiuguan mo kung paanong siya'y humalahanap ng dahilan laban sa akin. **8** At nagkagayon, ng marinig ni Eliseo na lalaki ng Dios na hinapak ng hari sa Israel ang kaniyang suot, na siya'y nagsugo sa hari, na nagsabing: *¿*Bakit mo hinapak ang iyong mga kasuotan? paparituhin mo sa akin, at kaniyang malalaman na may isang profeta sa Israel. **9** Sa gayo'y naparoon si Naaman na dala ang kaniyang mga kabayo at ang kaniyang mga karro, at tumayo sa pintuan ng bahay ni Eliseo. **10** At si Eliseo ay nagsugo ng sugo sa kaniya, na nagsabing: Ikaw ay yumaon, at maligo sa Jordan na makapito, at ang iyong laman ay sasauli sa iyo, at ikaw ay magiging malinis. **11** Nguni't si Naaman ay nag-iinit, at umalis, at nagsabing: Narito, aking inakalang: Walang pagsalang lalabasin niya ako, at tatayo at tatawag sa pangalan ng PANGINOON kaniyang Dios, at ihahagod ang kaniyang kamay sa lugar, at mapapawi ang ketong. **12** *¿*Hindi ba ang Abana at ang Farpar, ang mga ilog sa Damasko, ay mainam kay sa lahat na mga tubig sa Israel? *¿*hindi ba ako makapaliigo sa mga yaon, at maging malinis? Sa gayo'y siya'y nagbalik at umalis sa pag-iinit. **13** At ang kaniyang mga alipin ay lumapit, at nagsalita sa kaniya, at nagsabing: Ama ko, kung ipinagawa sa iyo ng profeta ang ano mang dakilang bagay, *¿*hindi mo ba gagawin? *¿*gaano nga kung sabihin niya sa iyong? Ikaw ay maligo at maging malinis? **14** Ng magkagayo'y siya'y bumaba, at sunugbong makapito sa Jordan, ayon sa sabi ng lalaki ng Dios: at ang kaniyang laman ay nagsauling parang laman ng isang munting bata, at siya'y naging malinis. **15** At siya'y nagbalik sa lalaki ng Dios, siya at ang boong pulutong niya, at naparoon at tumayo sa harap niya: at siya'y nagsabing: Narito, ngayon aking talastas na walang Dios sa

boong lupa, kungdi sa Israel: Isinasamo ko ngayon sa iyo na kunin mo ang kaloob ng iyong alipin. **16** Nguni't kaniyang sinabing: Buhay ang PANGINOON, na sa harap niya ako tumatayo, wala akong tatanggapin. At ipinilit niya sa kaniyang kunin; nguni't siya'y tumangi. **17** At sinabi ni Naaman: Kung hindi, isinasamo ko pa sa iyo, na bigyan ko ang iyong alipin ng mapapasan sa lupa ng dalawang mula; sapagka't ang iyong alipin mula ngayon ay hindi maghahandog ng handog na susunugin o hayin man sa ibang mga dios, kungdi sa PANGINOON. **18** Sa bagay na ito'y patawarin ng PANGINOON ang iyong alipin, pagka ang aking panginoon ay nasok sa bahay ni Rimmon upang sumamba doon, at siya'y umagapay sa aking kamay, at ako'y yumukod sa bahay ni Rimmon, pagka ako'y yumukod sa bahay ni Rimmon, patawarin ng PANGINOON ang iyong alipin sa bagay na ito. **19** At sinabi niya sa kaniyang: Ikaw ay yumaong payapa. Sa gayo'y nilisan niya siya ng may agwat na kaonti.

**20** Nguni't si Gehazi, na lingkod ni Eliseo na lalaki ng Dios, nagsabing: Narito, pinalagpas ng aking panginoon ang Naamang ito na taga Syria, sa di pagtanggap sa kaniyang mga kamay ng kaniyang dala: buhay ang PANGINOON, tatakbuhin ko siya, at kukuha ako ng ano man sa kaniya. **21** Sa gayo'y sinundan ni Gehazi si Naaman. At ng makita ni Naaman na isa'y tumatakbong sumusunod sa kaniya, siya'y bumaba sa karro na sinalubong niya, at nagsabing: *¿*Lahat ba'y mabuti? **22** At kaniyang sinabing: Lahat ay mabuti. Sinugo ako ng aking panginoon, na sinabing: Narito, darating sa akin ngayon, na mula sa lupaing maburot ng Efraim ang dalawang binata sa mga anak ng mga profeta: isinasamo ko sa iyo na bigyan mo sila ng isang talentong pilak, at dalawang pangpalit na bihisan. **23** At sinabi ni Naaman: Ikaw ay matua, kunin mo ang dalawang talento. At ipinilit niya sa kaniya, at ibinalot ang dalawang talentong pilak sa dalawang supot, sampuo ng dalawang pangpalit na bihisan, at mga ipinasan sa dalawa sa kaniyang mga alipin; at mga dinala nila sa unahan niya. **24** At ng siya'y dumating sa burol, mga kinuha niya sa kanilang kamay, at mga itinago niya sa bahay: at pinayaon niya ang mga lalaki, at sila'y yumaon. **25** Nguni't siya'y nasok at tumayo sa harap ng kaniyang panginoon. At sinabi ni Eliseo

sa kaniyang: ¿Saan ka nangaling Gehazi? At kaniyang sinabing: Ang iyong alipin ay walang pinaroonan. 26 At kaniyang sinabing: ¿Hindi ba *suma sa iyo* ang aking puso ng ang lalaki ay magbalik mula sa kaniyang karro na salubungin ka? ¿panahon ba ng pagtanggap ng *suapá* at pagtanggap ng bihisan, at ng mga olivahan, at ng mga uvasan, at ng mga tupa, at ng mga baka, at ng mga aliping lalaki at babaye? 27 Ang ketong nga ni Naaman ay kakapit sa iyo, at sa iyong binhi magpakailan man. At siya'y umalis sa kaniyang harap na may ketong na *maputing parang* nieve.

6 At sinabi ng mga anak ng mga profeta kay Eliseo: Narito, ngayon ang lugar na aming kinatitirahan sa harap mo ay totoong makipot sa ganang amín. 2 Isinasamo namín sa iyo na kami ay paparoonin sa Jordan, at kumuha roon ang bawát isa ng sikang, at gumawa kami sa amin ng isang lugar doon, na aming matatalanan. At siya'y sumagot: Yumaon kayo. 3 At sinabi ng isa: Isinasamo ko sa iyo na ikaw ay matua, at yumaon na kasama ng iyong mga alipin. At siya'y sumagot: Ako'y yayaon. 4 Sa gayo'y siya'y yumaong kasama nila. At ng sila'y dumating sa Jordan sila'y pumutol ng kahoy. 5 Ngunit samantalang ang isa'y pumuputol ng isang sikang, ang talim ng palakol ay nalaglag sa tubig: at siya'y sunigaw, at nagsabing: ¿Sa aba ko, panginoon ko! sapagka't hiram. 6 At sinabi ng lalaki ng Dios: ¿Saan nalaglag? At itinuro niya sa kaniya ang lugar. At siya'y pumutol ng isang palito, at inihagis doon, at pinalutang ang bakal. 7 At kaniyang sinabing: Kunin mo. Sa gayo'y kaniyang ininuat ang kaniyang kamay, at kinuha.

8 Ang hari nga sa Syria ay bumaka laban sa Israel; at siya'y kumuhang payo sa kaniyang mga lingkod, na nagsabing: Sa gayo't gayong lugar ay malalagay ang aking kampamento. 9 At ang lalaki ng Dios ay nagsugo sa hari sa Israel, na nagsabing: Mag-ingat ka na huag dumaan sa lugar na yaon; sapagka't doo'y bumababa ang mga taga Syria. 10 At nagsugo ang hari sa Israel sa lugar na isinaysay sa kaniya ng lalaki ng Dios at ipinayo sa kaniya; at siya'y lumigtas doon, hindi mitsan o makalawa man. 11 At ang puso ng hari sa Syria ay nabagabag na mainam dahil sa bagay na ito; at kaniyang tinawag ang kaniyang mga lingkod, at nag-

sabi sa kaniyang: ¿Ayaw ba ninyong ipakilala sa akin kung sino sa atin ang sa hari sa Israel? 12 At sinabi ng isa sa kaniyang mga lingkod: Hindi panginoon ko, Oh hari: kungdi si Eliseo, na profeta na nasa Israel ay nagsay: ay sa hari sa Israel ng mga salita na iyong sinalita sa iyong silid na tulugan. 13 At kaniyang sinabing: Ikaw ay yumaon at tingnan mo kung saan siya nandoon, upang ako'y makapagpasugo at hulihin siya. At nasay: ay sa kaniya, na sinabing; Narito, siya'y nasa Dotan. 14 Kaya't siya'y nagsugo doon ng mga kabayo at mga karro, at ng isang maalaking hukbo: at sila'y napanoon ng kinagabihan, at kinubkob ang ciudad sa palibot. 15 At ng ang lingkod ng lalaki ng Dios ay magbangong maaga, at lumabas, narito, isang hukbo na may mga kabayo at mga karro ay nakalibot sa ciudad. At ang kaniyang lingkod ay nagsabi sa kaniyang: ¿Sa aba natin, panginoon ko: ¿paano ang ating gagawin? 16 At siya'y sumagot: Huag kang matakot: sapagka't ang sumasatain ay higit kay sa sama sa kanila. 17 At si Eliseo ay nanalangin, at nagsabing: Isinasamo ko sa iyo, PANGINOON, na idilat ang kaniyang mga mata, upang kaniyang makita. At idinilat ng PANGINOON ang mga mata ng binata; at kaniyang nakita: at, narito, ang bundok ay puno ng mga kabayo at mga karro ng apoy sa palibot ni Eliseo. 18 At ng kanilang babain siya, si Eliseo, ay nanalangin sa PANGINOON, at nagsabing: Isinasamo ko sa iyo, na sugatan mo ang bayang ito, ng kabulagan. At kaniyang sinugatan sila ng kabulagan ayon sa salita ni Eliseo. 19 At sinabi ni Eliseo sa kanilang: Hindi ito ang daan, o ang ciudad man: sumunod kayo sa akin, at dadalhin ko kayo sa lalaki na inyong hinahanap. At kaniyang pinanuntubayan sila hangang sa Samaria. 20 At nangyari, ng sila'y dumating sa Samaria, na sinabi ni Eliseo: PANGINOON, idilat mo ang mga mata ng mga lalaking ito, upang kanilang makita. At idinilat ng PANGINOON ang kanilang mga mata, at kanilang nakita; at, narito, sila'y nasa gitna ng Samaria. 21 At sinabi ng hari sa Israel kay Eliseo, ng makita niya sila: ¿Ama ko, susugatan ko ba sila? ¿susugatan ko ba sila? 22 At siya'y sumagot: Huag mong susugatan sila: ¿susugatan mo ba ang iyong binihag ng iyong tabak at ng iyong bosog? maglapag ka ng tiwapay at tubig sa harap nila,



upang kanilang makain at mainom, at pumaroon sa kanilang panginoo. **23** At ipinagtanda niya ng malaking pagkain sila: at ng sila'y makakain at makainom, kaniyang pinapagpaalam sila, at sila'y naparoon sa kanilang panginoo. At ang kawal ng Syria ay hindi na naparoon pa sa lupain ng Israel.

**24** At nangyari, pagkatapos nito, na pinisan ni Ben-hadad na hari sa Syria ang boo niyang hukbo, at sumampa, at kinulong ang Samaria. **25** At nagkaroon ng malaking kagutom sa Samaria: at, narito, kanilang kinulong, hangang sa ang ulo ng isang asno ay naipagbili ng walong puong *pirasong* pilak, at ang ikaapat na bahagi ng isang takal ng dumi ng kalapati ay limang *pirasong* pilak. **26** At samantalang ang hari sa Israel ay nagdaraan sa kuta, humiyaw ang isang babaye sa kaniya, na nagsabing: Tulong, panginoo ko, Oh hari. **27** At kaniyang sinabing: Kung hindi ka tutulungan ng PANGINOON, ¿sa ano kita tutulungan? ¿sa giikan ba o sa uvasan? **28** At sinabi ng hari sa kaniyang: ¿Anong nangyayari sa iyo? At siya'y sumagot: Sinabi ng babayeng ito sa aking: Ibigay mo ang iyong anak, upang makain natin siya ngayon, at kakanin natin ang anak ko bukas. **29** Sa gayo'y pinakuluan namin ang anak ko, at kinain namin siya: at sinabi ko sa kaniya sa sumunod na araw: Ibigay mo ang iyong anak, upang makain natin siya; at kaniyang ikinubli ang kaniyang anak. **30** At nangyari, ng marinig ng hari ang mga salita ng babaye, na kaniyang hinapak ang kaniyang mga suot; (ngayo'y nagdadaan siya sa kuta:) at ang bayan ay tumingin, at, narito, siya'y may magaspang na damit sa loob, sa ibabaw ng kaniyang laman. **31** Ng magkagayo'y kaniyang sinabing: Gawing gayon ng Dios sa akin, at lalo na, kung ang ulo ni Eliseo, na anak ni Safat ay matira sa kaniya sa araw na ito. **32** Ngunit si Eliseo ay umuupo sa kaniyang bahay, at ang mga matanda ay umuupo na kasama niya; at ang hari ay nagsugo ng isang lalaki na mula sa harap niya: ngunit bago dumating ang sugo sa kinaroroonan niya, sinabi niya sa mga matanda: ¿Hindi ba ninyo nakitang kung paanong ang anak na ito ng isang mamamatay-tawo ay nagsugo sa akin na alisin ang aking ulo? masdan ninyo, pagka ang sugo ay dumarating, sarhan ninyo ang pintuan, at itulak ninyo ang pinto laban

sa kaniya: ¿di ba ang tunog ng mga paa ng kaniyang panginoo ay kasunod niya? **33** At samantalang siya'y nakikipag-usap sa kanila, narito, binaba siya ng sugo: at kaniyang sinabing: Narito, ang kasamang ito'y mula sa PANGINOON; ¿bakit pa ako maghihintay sa PANGINOON?

**7** At sinabi ni Eliseo: Dingin ninyo ang salita ng PANGINOON: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Bukas sa may ganitong oras, ang isang takal ng bulaklak ng harina ay *maipagbibili* ng isang siklo, at dalawang takal ng cebada ay ng dalawang siklo, sa pintuang-daan ng Samaria. **2** Ng magkagayo'y ang kapitan na pinangangapitan ng hari ay sumagot sa lalaki ng Dios, at nagsabing: Narito, kung ang PANGINOON'y gagawa ng mga dunguwan sa langit; ¿mangyayari ba ito? At kaniyang sinabing; Narito, makikita mo ng iyong mga mata, ngunit di mo kakanin.

**3** Mairoon ngang apat na may ketong sa pasukan ng pintuang-daan: at sila'y nagsabihang isa't isa: ¿Bakit nauupo tayo dito hangang sa tayo'y mamatay? **4** Kung ating sabihing: Tayo'y papasok sa ciudad, ang kagutom nga'y nasa ciudad, at tayo'y mamamatay doon: at kung tayo'y titigil ng pagkaupo dito, tayo'y mamamatay rin. Ngayon nga'y, tayo na at tayo'y dumaluhong sa hukbo ng mga taga Syria: kung tayo'y iligtas nilang buhay, tayo'y mabubuhay; at kung tayo'y patayin nila, mamamatay lamang tayo. **5** At sila'y nagbangon pagbubukang liwayway, upang pumaroon sa kampamento ng mga taga Syria: at ng sila'y dumating sa pinakamalapit na bahagi ng kampamento ng mga taga Syria, narito, walang tawo roon. **6** Sapagka't ipinarinig ng Panginoo sa hukbo ng mga taga Syria ang hugong ng mga karro at ang huni ng mga kabayo, ang hugong ng malaking hukbo: at sila'y nagsabihang isa't isa: Narito, inupahau ng hari sa Israel laban sa atin ang hari ng mga Hiteo, at ang hari ng mga taga Egipto, upang dumaluhong sa atin. **7** Kaya't sila'y nagbangon, at tumakas sa pagbubukang liwayway, at iniwang ang kanilang mga dampa at ang kanilang mga kabayo, at ang kanilang mga asno, at ang boong kampamento, at tumakas dahil sa kanilang buhay. **8** At ng ang mga may ketong na ito'y dumating sa pinakamalapit na bahagi ng kampamento, sila'y pumasok sa isang dampa, at kumain at uminom, at pagdala mula roon

nġ pilak, at nġ ginto, at nġ bihisan, at naparoon at nagtago; at sila'y nagbalik at pumasok sa ibang dampa, at nagdalarin mula roon, at yumaon at nagtago. **9** Nġ magkagayo'y nagsabihan silang isa't isa: Hindi mabuti ang ginagawa natin: ang araw na ito ay araw ng mga nabuting balita, at tayo'y pumapayapa: kung tayo'y maghiintay nġ hangang sa pagliliwayway sa kinaumagahan, parusa ang aabot sa atin: ngayon nga'y tayo na, tayo'y yumaon, at ating saysayin sa kasambahay nġ hari. **10** Sa gayo'y sila'y naparoon, at tumatawag sa tagatanod pinto nġ ciudad: at kanilang isinaysay sa kanila, na sinabing: Kami ay naparoon sa kampamento nġ mga taga Syria, at, narito, walang lalaki roon o voces man nġ lalaki kungdi mga nakataling kabayo, at mga asnong nakatali, at ang mga dampa. **11** At tinawang niya ang mga tagatanod pinto; at kanilang sinaysay sa kasambahay nġ hari sa loob. **12** At ang hari ay nagbangon nġ kinagabihan, at nagsabi sa kaniyang mga lingkod: Ipakikita ko sa inyo ngayon kung ano ang ginawa nġ mga taga Syria sa atin. Kanilang talastas na tayo'y gutom; kaya't sila'y lumabas sa kampamento na nagtago sa parang, na nagsabing: Pagka sila'y lumabas sa ciudad, ating kukunin silang buhay at ipapasok sa ciudad. **13** At isa sa kaniyang mga lingkod ay sumagot, at nagsabing: Isinasamo ko sa inyo na kunin nġ ilan sa atin ang lima sa mga kabayo na labi, na natira sa ciudad, (narito, sila'y gaya nġ boong karamihan ng Israel na natira doon; narito, sila'y gaya nġ boong karamihan ng Israel na nalipol:) at tayo'y magsugo, at ating tingnan. **14** Sila nga'y kumuha nġ dalawang karro na may mga kabayo; at ang hari ay nagsugo na pinsundan ang hukbo nġ mga taga Syria, na nagsabing: Kayo ay yumaon at tingnan ninyo. **15** At kanilang sinundan sila hangang sa Jordan; at, narito ang boong daa'y puno nġ mga kasuotan at nġ mga kasangkapan na mga inihagis nġ mga taga Syria sa kanilang pagmamadali. At ang mga sugo ay nagbalik at nagsaysay sa hari. **16** At ang bayan ay lumabas, at sinamsaman ang kampamento nġ mga taga Syria. Sa gayo'y ang takal nġ bulaklak ng harina ay *naipagbili* nġ isang siklo, at ang dalawang takal nġ cebada ay isang siklo, ayon sa salita nġ PANGINOON. **17** At ibinigay nġ hari sa kapitan na pinangangapitan niya ang katungku-

lan sa pintuang-daan: at niyapakan siya nġ bayan sa pintuang-daan, at siya'y namatay na gaya nġ sinabi nġ lalaki nġ Dios, na nagsalita nġ babain nġ hari siya. **18** At nangyari, gaya nġ sinabi nġ lalaki nġ Dios sa hari, na sinabing: Ang dalawang takal nġ cebada ay isang siklo, at ang isang takal nġ bulaklak nġ harina ay isang siklo, ay mangyayari bukas sa may ganitong oras sa pintuang-daan nġ Samaria; **19** at ang kapitang yaon ay sumagot sa lalaki nġ Dios, at nagsabing: Ngayon; narito, kung ang PANGINOON ay gagawa nġ mga dungawan sa lahit, mangyayari ba ang gayong bagay? at kaniyang sinabing: Narito, makikita mo nġ iyong mga mata, nguni't di mo makakain: **20** nangyari nġang gayon sa kaniya; sapagka't niyapakan nġ bayan siya sa pintuang-daan, at siya'y namatay.

**8** Nagsalita nga si Eliseo sa babaye, na ang anak ay kaniyang sinaulian nġ buhay, na sinabing: Ikaw ay bumangon at yumaon ka at ang iyong kasambahay, at mangibang bayan ka kung saan ka makakapangibang bayan: sapagka't tumawag ang PANGINOON nġ kagutom; at darating naman sa lupain na pitong taon. **2** At ang babaye ay bumangon, at gumawa nġ ayon sa sinalita nġ lalaki nġ Dios: at siya'y yumaon na kasama nġ kaniyang kasambahay, at nangibang-bayan sa lupain nġ mga Filisteo na pitong taon. **3** At nangyari, sa katapusan nġ ikapitong taon, na ang babaye ay nagbalik na mula sa lupain nġ mga Filisteo: at siya'y lumabas upang dumaing sa hari dahil sa kaniyang bahay at dahil sa kaniyang lupain. **4** Ang hari nga'y nakikipag-usap kay Gehazi na lingkod nġ lalaki nġ Dios, na sinasabing: Isinasamo ko sa iyo, na saysayin mo sa akin ang lahat na mga dakilang bagay na ginawa ni Eliseo. **5** At nangyari, samantalang kaniyang sinasaysay sa hari kung paanong kaniyang isinauli ang buhay uoon na patay, na narito, ang babaye na ang anak ay kaniyang sinaulian nġ buhay dumaing sa hari dahil sa kaniyang bahay at dahil sa kaniyang lupain. At sinabi ni Gehazi: Panginoon ko, Oh hari, ito ang babaye at ito ang kaniyang anak na sinaulian nġ buhay ni Eliseo. **6** At nġ tanungin nġ hari ang babaye, sinaysay niya sa kaniyang. Sa gayo'y hinalalan nġ hari siya nġ isang puno, na sinabing: Isauli mo ang lahat nġ kaniya, at ang lahat nġ bunga nġ bukid

mula ng araw na kaniyang iwan ang lupain, hangang ngayon.

7 At si Eliseo ay naparoon sa Damasko; at si Ben-hadad na hari sa Syria ay may sakit: at nasaysay sa kaniya, na sinabing: Ang lalaki ng Dios ay napanarito. 8 At sinabi ng hari kay Hazael: Magdala ka ng isang kaloob sa iyong kamay, at yumaon kang salubungin mo ang lalaki ng Dios, at mag-usisa ka sa PANGINOON sa pamamag-itan niya, na magsabing: ¿Gagaling ba ako sa sakit na ito? 9 Sa gayo'y naparoon na sinalubong siya ni Hazael, at nagdala siya ng kaloob, ng bawat mabuting bagay sa Damasko, na apat na puong pasang kamello, at naparoon at tumayo sa harap niya, at nagsabing: Sinugo ako sa iyo ng anak mong si Ben-hadad na hari sa Syria, na sinabing: ¿Gagaling ba ako sa sakit na ito? 10 At sinabi ni Eliseo sa kaniyang: Ikaw ay yumaon, sabihin mo sa kaniyang: Walang pagsalang ikaw ay gagaling: gayon ma'y ipinakilala sa akin ng PANGINOON na siya'y walang pagsalang mamamata. 11 At kaniyang itinitig ang kaniyang mukha, hangang sa siya'y napahiya: at ang lalaki ng Dios ay umiyak. 12 At sinabi ni Hazael: ¿Bakit umiiyak ang panginoon ko? At siya'y sumagot: sapagka't talastas ko ang kasam-an na iyong gagawin sa mga anak ng Israel: ang kaniyang mga katibayan ay iyong sisilaban ng apoy; at ang kaniyang mga binata ay iyong papatayin ng tabak, at mga kakatayin ang kaniyang mga bata, at iyong paluluain ang bituka ng mga babaye na buntis. 13 At sinabi ni Hazael: ¿Ngunit ano ang iyong alipin na isang aso lumang na kaniyang gagawin ang dakilang bagay na ito? At sumagot si Eliseo: Ipinakilala sa akin ng PANGINOON, na ikaw ay magiging hari sa Syria. 14 Ng magkagayo'y nilisan niya si Eliseo, at naparoon sa kaniyang panginoon; na nagsabi sa kaniyang: ¿Ano ang sinabi ni Eliseo sa iyo? At siya'y sumagot: Kaniyang sinaysay sa akin na walang pagsalang ikaw ay gagaling. 15 At nangyari, ng kinabukasan, na kaniyang kinuha ang kolchon at binasa sa tubig, ai inilad sa kaniyang mukha, na ano pa't siya'y namatay: at si Hazael ay naghari na kahalili niya.

16 At ng ikalimang taon ni Joram na anak ni Ahab na hari sa Israel, si Jehosafat nga ay hari sa Juda, ay nagpasimulang maghari si Joram na anak ni Jehosafat na

kari sa Juda. 17 Tatlong puot dalawang taon ang gulang ng siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing walong taon sa Jerusalem. 18 At siya'y lumakad ng mga lakad ng mga hari ng Israel, gaya ng ginawa ng bahay ni Ahab: sapagka't ang anak ni Ahab ay kaniyang asawa: at siya'y gumawa ng masama sa paningin ng PANGINOON. 19 Gayon ma'y hindi giniba ng PANGINOON ang Juda, dahil kay David na kaniyang lingkod gaya ng kaniyang ipinangako sa kaniya na bibigyan siya ng isang tanlaw para sa kaniyang mga anak magpakailan man. 20 Sa kaniyang mga kaarawan ang Edom ay nanghimagsik na humiwalay sa ilalim ng kapangyarihan ng kamay ng Juda, at naghalal sila ng hari sa kanila. 21 Ng magkagayo'y naglaan si Joram sa Zair, at ang lahat niyang mga karro na kasama niya: at siya'y nagbangon ng kinagabihan, at sinugatan ang mga Edomeo na kumukulang sa kaniya, at sa mga kapitan sa mga karro: at ang bayan ay tumakas sa kaniyang mga dampa. 22 Sa gayo'y nanghimagsik ang Edom sa kamay ng Juda, hangang sa araw na ito. Ng magkagayo'y nanghimagsik ang Libna sa panahon ding yaon. 23 At ang iba sa mga gawa ni Joram, at lahat niyang ginawa ¿di ba mga nasusulat sa libro ng mga alaala sa mga hari sa Juda? 24 At si Joram ay natulog na kasama ng kaniyang mga magulang, at nalibing na kasama ng kaniyang mga magulang sa ciudad ni David: at si Ahazia na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

25 Ng ikalabing dalawang taon ni Joram na anak ni Ahab na hari sa Israel ay nagpasimulang maghari si Ahazia na anak ni Joram na hari sa Juda. 26 May dalawang puot dalawang taon si Ahazia ng siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing isang taon sa Jerusalem. At ang pangalan ng kaniyang ina ay Atalia na anak ni Omri na hari sa Israel. 27 At siya'y lumakad ng lakad ng bahay ni Ahab, at gumawa ng kasam-an sa paningin ng PANGINOON, gaya ng ginawa ng bahay ni Ahab: sapagka't siya'y manungang ng bahay ni Ahab. 28 At siya'y yumaong kasama ni Joram na anak ni Ahab upang bumaka laban kay Hazael na hari sa Syria sa Ramot-gilead: at sinugatan ng mga taga Syria si Joram. 29 At ang haring Joram ay nagbalik upang pagamot sa Jezreel, ng mga sugat na ibinigay sa kaniya ng mga taga Syria sa

Rama, ng siya'y bumaka laban kay Hazael na hari sa Syria. At si Ahazia na anak ni Joram na hari sa Juda ay bumaba upang tingnan si Joram na anak ni Ahab sa Jezreel, sapagka't siya'y may sakit.

**9** At tinawag ni Eliseo na profeta ang isa sa mga anak ng mga profeta, at nagsabi sa kaniyang: Bigkisan mo ang iyong mga balakang, at hawakan mo ang sisidlang ito ng langis sa iyong kamay, at pumaroon ka sa Ramot-gilead. **2** At pagdating mo doon, hanapin mo roon si Jehu na anak ni Jehosafat na anak ni Nimsi, at iyong pasukin at pabangunin mo sa gitna ng kaniyang mga kapatid, at dalhin mo siya sa isang silid sa loob. **3** Kung magkagayo'y kunin mo ang sisidlan ng langis, at ibuhos mo sa kaniyang ulo, at iyong sabihing: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Pinahiran kita upang maging hari sa Israel. Kung magkagayo'y buksan mo ang pintuan, at ikaw ay tumakas at huag kang maghintay. **4** Sa gayon ang binata, ang binatang profeta naparoon sa Ramot-gilead. **5** At ng siya'y dumating, narito; ang mga kapitan ng mga hukbo ay nangaupo: at kaniyang sinabing: Ako'y may isang sadya sa iyo, Oh kapitan. At sinabi ni Jehu: ; Sa alin sa aming lahat? At kaniyang sinabing: Sa iyo, Oh kapitan. **6** At siya'y nagbangon at nasok sa bahay, at kaniyang ibinuhos ang langis sa kaniyang ulo, at nagsabi sa kaniyang: Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel: Aking pinahiran kita upang maging hari sa bayan ng PANGINOON, sa Israel. **7** At iyong susugatan ang bahay ni Ahab na iyong panginoon, upang aking iganti ang dugo ng aking mga lingkod na mga profeta, at ang dugo ng lahat na mga lingkod ng PANGINOON sa kamay ni Jezebel. **8** Sapagka't ang boong bahay ni Ahab ay malilipol: at aking ibihihalay kay Ahab ang baw't batang lalaki, at ang nakulong: at ang naiwan sa kaluati-an sa Israel. **9** At aking gagawin ang bahay ni Ahab na gaya ng bahay ni Jerobeam na anak ni Nebat, at gaya ng bahay ni Baasa na anak ni Ahija. **10** At kakaniin ng mga aso ang Jezebel sa bahagi ng Jezreel, at walang maglilibing sa kaniya. At kaniyang binuksan ang pintuan, at tumakas. **11** Ng magkagayon, nilabas ni Jehu ang mga lingkod ng kaniyang panginoon: at sinabi ng isa sa kaniyang: ; Lahat ba'y mabuti? ; bakit naparirito ang ulol na katotong ito sa iyo? At sinabi niya sa kani-

lang: Iyong kilala ang lalaki at ang kaniyang sadya. **12** At kaniyang sinabing: Kabulaanan nga; saysayin mo sa amin ngayon. At kaniyang sinabing: Ganito; ganito ang sinalita niya sa akin, na sinabing: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Pinahiran kita upang maging hari sa Israel. **13** Ng magkagayo'y sila'y nagmadali, at kinuha ng baw't isa ang kaniyang kasuotan, at inilagay sa ilalim, niya sa ibabaw ng hagdan at humihip ng pakakak, na nagsabing: Si Jehu ay hari. **14** Ganito, si Jehu na anak ni Jehosafat, na anak ni Nimsi, nanghimagsik laban kay Joram. (Iningatan nga ni Joram ang Ramot-gilead, niya, at ng boong Israel, dahil kay Hazael na hari sa Syria: **15** nguni't nagbalik ang haring Joram upang pagamot sa Jezreel ng mga sugat na ibinigay sa kaniya ng mga taga Syria, ng siya'y bumaka kay Hazael na hari sa Syria). At sinabi ni Jehu: Kung ito ang inyong pasiya, huag tumaanan ang sino man at lumabas sa ciudad, upang yumaon na saysayin sa Jezreel. **16** Sa gayo'y sumakay si Jehu sa karro at naparoon sa Jezreel; sapagka't si Joram ay nahihiga doon. At si Ahazia na hari sa Juda ay bumaba upang tingnan si Joram. **17** Ang tagatanod nga ay tumayo sa meog sa Jezreel, at kaniyang timikitan ang pulutong ni Jehu habang dumadating siya, at nagsabing: Ako'y nakakakita ng isang pulutong. At sinabi ni Joram: Kumuha ka ng isang mangangabayo, at iyong suguin na salubungin sila, at magsabing: ; Kapayapaan ba? **18** Sa gayo'y naparoon ang isa na mangangabayo na sinalubong siya, at nagsabing: Ganito ang sabi ng hari: ; Kapayapaan ba? At sinabi ni Jehu: ; Anong ipakikialam mo sa kapayapaan? bumalik ka sa likuran ko. At isinaysay ng tagatanod, na sinabing: Ang sugo ay dumating sa kanila, nguni't siya'y hindi nagbabalik. **19** Ng magkagayo'y nagsugo ng ikalawa na mangangabayo na dumating sa kanila, at nagsabing: Ganito ang sabi ng hari: ; Kapayapaan ba? At sumagot si Jehu: ; Ano ang iyong ipakikialam sa kapayapaan? bumalik ka sa likuran ko. **20** At isinaysay ng tagatanod, na sinabing: Siya'y dumating hangang sa kanila, at hindi nagbabalik: at ang mangangabayo ay gaya ng mangangabayo ni Jehu, na anak ni Nimsi; sapagka't siya'y mangangabayo na magilas. **21** At sinabi ni Joram: Magsingkaw. At kaniyang isi-

ningkaw ang kaniyang karro. At si Joram na hari sa Israel at si Ahazia na hari sa Juda ay lumabas, bawa't isa sa kaniyang karro, at sila'y lumabas upang salubungin si Jehu, at nasumpungan nila siya sa bahagi ni Nabot na Jezreelita. **22** At nangyari, ng makita ni Joram si Jehu, na kaniyang sinabing: *¿Kapayapaan ba, Jehu? At siya'y sumagot: ¿Anong kapayapaan, habang ang mga pakikipid ng iyong inang si Jezebel at ang kaniyang pangagaway ay totoong lumalala?* **23** At isinalikod ni Joram ang kaniyang mga kamay, at tumakas, at nagsabi kay Ahazia: *May paglililo, Oh Ahazia.* **24** At binunot ni Jehu ang kaniyang bosog ng kaniyang boong lakas, at sinugatan si Joram sa pag-itan ng kaniyang mga kamay, at ang pana ay lumagpas sa kaniyang puso, at kaniyang ibinual sa kaniyang karro. **25** Ng magkagayo'y sinabi ni Jehu kay Bidkar na kaniyang kapitan: *Itaas mo, at ihagis mo sa bahagi ng bukid ni Nabot na Jezreelita: sapagka't alalahanin mo kung paanong ako't ikaw ay sumakay na magkasama na kasunod ni Ahab na kaniyang ama, na ipinanan ng PANGINOON ang pasang ito sa kaniya:* **26** Tunay na aking nakita kahapon ang dugo ni Nabot, at ang dugo ng kaniyang mga anak, sabi ng PANGINOON; at ako'y gaganti sa iyo sa panig na ito, sabi ng PANGINOON. *Ngayon nga'y kunin mo, at ihagis mo sa panig ng lupa, ayon sa salita ng PANGINOON.* **27** Nguni't ng makita ito ni Ahazia na hari sa Juda, siya'y tumakas sa daan ng bahay sa halamanan. At si Jehu ay sumunod sa kaniya, at nagsabing: *Sugatan mo rin siya sa karro: at sinugatan nila siya sa sampahan sa Gur, na nasa siping ng Ibleam. At siya'y tumakas na napatungo sa Megido, at namatay doon.* **28** At dinala siya ng kaniyang mga alila sa isang karro sa Jerusalem, at inilibing siya sa kaniyang libingan na kasama ng kaniyang mga magulang sa ciudad ni David. **29** At sa ikalabing isang taon ni Joram na anak ni Ahab ay nagpasinulang maghari si Ahazia sa Juda. **30** At ng si Jehu ay dumating sa Jezreel, narinig ni Jezebel; at kaniyang pintahan ang kaniyang mga mata, at ginayakan ang kaniyang ulo, at dumungaw sa dungawan. **31** At samantalang si Jehu ay pumapasok sa pintuang-daan, kaniyang sinabing: *¿Kapayapaan ba, ikaw Zimri, ikaw na mamamatay sa iyong pa-*

*nginoon?* **32** At kaniyang itiningala ang kaniyang mukha sa dungawan, at nagsabing: *¿Sino ang sa ganang akin? ¿sino? At dinungaw siya ng dalawa o tatlong bating.* **33** At kaniyang sinabing: *Ibagsak ninyo siya. Sa gayo'y ibinagsak nila siya: at ang iba sa kaniyang mga dugo ay pumilansik sa kuta, at sa mga kabayo: at kaniyang niyapakan siya ng paa.* **34** At pagkapasok niya siya'y kumain at uminom; at kaniyang sinabing: *Tingnan ninyo ngayon ang tampalasang babayeng ito, at ilibing ninyo siya: sapagka't anak ng hari.* **35** At sila'y yumaon na inilibing siya: nguni't wala na silang nasumpungan sa kaniya kungdi ang bungo, at ang mga paa, at ang mga palad ng kaniyang mga kamay. **36** Kaya't sila'y bumalik at isinaysay sa kaniya. At kaniyang sinabing: *Ito ang salita ng PANGINOON, na kaniyang sinailita sa pamamag-itan ng kaniyang lingkod na si Elias na Tisbita, na sinabing: Sa bahagi ng Jezreel kakanim ng mga aso ang laman ni Jezebel:* **37** at ang bangkay ni Jezebel ay magiging parang dumi sa balat ng parang sa bahagi ng Jezreel; na ano pa't hindi nila sasabihing: *Ito'y si Jezebel.*

**10** Si Ahab nga'y may pitong puong anak sa Samaria. At sumulat si Jehu ng mga sulat, at ipinadala sa Samaria, sa mga puno sa Jezreel, sa mga matanda, at sa kanila na nag-alaga sa mga anak ni Ahab, na nagsabing: **2** At pagdating nga ng sulat na ito sa inyo, sa paraang ang mga anak ng inyong panginoon ay kasama ninyo, at mairoon kayong mga karro at mga kabayo, at ciudad na nakukutaan naman, at sakbat; **3** piliin ninyo ang pinakamainam at ang pinakamarapat sa mga anak ng inyong panginoon, at iupo ninyo sa luklukan ng kaniyang ama, at ibaka ang bahay ng inyong panginoon. **4** Nguni't sila'y natakot na mainam, at nagsabing: *Narito, ang dalawang hari ay hindi tumatayo sa harap ninyo: ¿paano ngang tayo'y tatayo?* **5** At siya na nasa kasambahay, at siya na nasa ciudad, gayon din ang mga matanda, at sila na nag-alaga sa mga bata, nagsugo kay Jehu, na nagsabing: *Kami ay iyong mga alipin, at gagawin namin ang lahat na iyong iuutos sa amin; hindi namin gagawing hari ang sino man: gawin mo ang mabuti sa iyong mga mata.* **6** Ng magkagayo'y sumulat siya ng isang sulat na ikalawa sa kanila, na nagsabing: *Kung ka-*

yo'y sasa aking siping, at kung inyong didinging ang aking voces, kunin ninyo ang mga ulo ng mga lalaki na mga atak ng inyong panginooon, at puroarito kayo sa akin sa Jezreel sa kinabukasan sa may ganitong oras. Ang mga anak nga hari, sa paraang pitong puong katawo ay nasa kasamahan ng mga malaking tawo sa ciudad, na nag-alaga sa kanila. **7** At nangyari, ng ang sulat ay dumating sa kanila, na kanilang kinuha ang mga anak ng hari, at mga pinatay, pitong puong katawo, at inilagay ang kanilang mga ulo sa mga batulang na mga ipinadala sa kaniya sa Jezreel. **8** At dumating ang isang sugo at isinaysay sa kaniya, na sinabing: Kanilang dinala ang mga ulo ng mga anak ng hari. At kaniyang sinabing: Inyong ihanay ng dalawang buntong sa pasukan ng pintuang daan hangang sa kinaumagahan. **9** At nangyari, ng kinaumagahan, na siya'y lumabas, at tumayo, at nagsabi sa boong bayang: Kayo'y mga banal: narito, aking pinagbantaan ang aking panginooon at pinatay siya: ¿nguni't sinong sumugat sa lahat ng ito? **10** Talastasin ninyo ngayon na walang mahuhulog sa lupa sa salita ng PANGINOON, na sinalita ng PANGINOON tungkol sa bahay ni Ahab: sapagka't ginawa ng PANGINOON ang kaniyang sinalita sa pamamag-itan ng kaniyang lingkod si Elias. **11** Sa gayo'y sinugatan ni Jehu ang lahat na nalabi sa bahay ni Ahab sa Jezreel, at ang lahat niyang malaking tawo, at ang kaniyang mga kasamamahan kaibigan, at ang kaniyang mga sacerdote, hangang sa wala siyang inilabi. **12** At siya'y bumangon at yumaon, at naparoon sa Samaria. At samantalang siya'y nasa pagupitang bahay ng mga pastor sa daan. **13** Nasalubong ni Jehu ang mga kapatid ni Ahazia na hari sa Juda, at nagsabing: ¿Sino kayo? At sila'y sumagot: Kami ay mga kapatid ni Ahazia: at kami ay bumababa upang bumati sa mga anak ng hari at sa mga anak ng reina. **14** At kaniyang sinabing: Huli-hin mo silang buhay. At hinuli nila silang buhay, at mga pinatay sa balon ng pagupitang bahay, apat na puo't dalawang lalaki hindi nag-iwan ng sino man sa kanila.

**15** At ng siya'y makayaon mula doon, kaniyang nasumpungan si Jehonadab na anak ni Rekab na sumasalubong sa kaniya: at kaniyang binati siya, at nagsabi sa kaniyang: ¿Ang iyo bang puso ay tapat, gaya ng aking puso sa iyong puso? At

sumagot si Jehonadab: Tapat. Kung gayon, labot mo sa akin ang iyong kamay. At inabot niya sa kaniya ang kaniyang kamay; at isinampa niya siya sa loob ng karro. **16** At kaniyang sinabing: Sumama ka sa akin, at tingnan mo ang aking sikap sa PANGINOON. Sa gayo'y kanilang pinasakay siya sa kaniyang karro. **17** At ng siya'y dumating sa Samaria, kaniyang sinugatan ang lahat na nalabi kay Ahab sa Samaria, hangang sa kaniyang naibual siya, ayon sa salita ng PANGINOON, na kaniyang sinalita kay Elias. **18** At pinisan ni Jehu ang boong bayan, at nagsabi sa kanilang: Si Ahab ay naglingkod kay Baal ng kaonti: nguni't si Jehu ay naglingkod sa kaniya ng marami. **19** Ngayon nga'y tawagin ninyo sa akin ang lahat na profeta ni Baal, ang lahat niyang mananamba, at ang lahat niyang mga sacerdote; huag may magkulang; sapagka't mairoon akong malaking hayag gagawin kay Baal; sino mang magkulang ay hindi mabubuhay. Nguni't ginawa ni Jehu na may katusuhan na ang nasa ay kaniyang malipol ang mga mananamba kay Baal. **20** At sinabi ni Jehu: Magdiwang kayo ng isang dakilang kapisanan kay Baal. At kanilang inihayag. **21** At nagsugo si Jehu sa boong Israel, at ang lahat ng mananamba kay Baal ay naparoon, na ano pa't walang nawan na hindi naparoon. At sila'y nasok sa bahay ni Baal; at ang bahay ni Baal ay puo sa magkabilang dulo. **22** At sinabi niya sa kaniyang nasa bihisang-silid: Ilabas mo ang mga kasuotan para sa lahat na mananamaba kay Baal. At nilabasan niya sila ng mga kasuotan. **23** At si Jehu at si Jehonadab na anak ni Rekab, ay nasok sa bahay ni Baal; at kaniyang sinabi sa mga mananamba kay Baal: Kayo'y humanap, at magmasid kayo na huag nagkaroon sa kasamahan ninyo ng mga alipin ng PANGINOON, kungdi mga mananamaba kay Baal lamang. **24** At sila'y nasok na naghandog ng mga hayin at ng mga handog na susunugin. Si Jehu nga ay naghalal sa kaniya ng walong puong lalaki sa labas, at nagsabing: Kung sino man sa mga lalaki na aking dalhin sa inyong mga kamay ay makataanan, ang bahay ni nagpatakas ay isagot sa buhay niyaon. **25** At nangyari, pagkatapos niyang makapaghandog ng mga handog na susunugin, na sinabi ni Jehu sa bantay at sa mga kapitán: Kayo'y pumasok at inyo silang patayin, huag makalabas ang

sino man. At sinugatan nila sila ng talim ng tabak; at mga inihagis sa labas ng bantay at ng mga kapitan, at napaaroon sa ciudad ng bahay ni Baal. 26 At kanilang inilabas ang mga haligi na nasa bahay ni Baal, at mga sinunog. 27 At kanilang mga ibinagsak ang haligi ni Baal at ibinagsak ang bahay ni Baal, at ginawang bahay na panabihan, hangang sa araw na ito. 28 Ganito ibinual ni Jehu si Baal, sa Israel. 29 Gayon ma'y ang mga kasalanan ni Jeroboam na anak ni Nebat, na kaniyang ipinapagkasala sa Israel, hindi mga hiniwalayan ni Jehu, ang pagsunod sa mga yaon, sa mga guyang ginto na nasa Bet-el, at nasa Dan. 30 At sinabi ng PANGINOON kay Jehu: Sapagkat ikaw ay gumawa ng mabuti sa paggawa ng matuid sa aking mga mata, at iyong ginawa sa bahay ni Ahab ang ayon sa nasa aking boong puso, ang iyong mga anak sa ikaapat na lahi ay nupo sa luklukan ng Israel. 31 Ngunit si Jehu ay hindi nag-ingat na lumakad sa mga kautusan ng PANGINOON, ng Dios ng Israel, ng kaniyang boong puso: siya'y hindi humiwalay sa mga kasalanan ni Jeroboam, na kaniyang ipinapagkasala sa Israel.

32 Ng mga araw na yaon ay pinasimulan ng PANGINOON na pinutol ang Israel: at sinugatan sila ni Hazael sa lahat na baybayin ng Israel; 23 mula sa Jordan, hangang sa silanganan, boong lupain ng Gilead, ang mga Gadita, at ang mga Rubenita at ang mga Manasita mula sa Aroer, na nasa siping ng libis ng Arnon, hangang sa Gilead at Basan. 34 Ang abi nga sa mga gawa ni Jehu at ang lahat niyang ginawa, at ang booniyang kapangyarihan, di ba mga nasusulat sa libro ng mga alaala sa mga hari sa Israel? 35 At si Jehu ay natulong na kasama ng kaniyang mga magulang: at inilibing nila siya sa Samaria. At si Jehoahaz na kaniyang anak ay naghari nakahalili niya. 36 At ang panahon na ipinaghari ni Jehu sa Israel sa Samaria ay dalawang puot walong taon.

11 Ng makita nga ni Atalia na ina ni Ahazia na ang kaniyang anak ay namatay, siya'y nagtindig at nilipol ang lahat na binhing hari. 2 Ngunit kinuha ni Jehoseba, na anak na babaye ng haring Jeram, na kapatid na babaye ni Ahazia, si Joas na anak ni Ahazia, at ninakaw niya siya sa gitna ng mga anak ng hari na mga napatay, siya, at ang kaniyang yaya, at inilagay sila sa salid na tulugan;

at kanilang ikinubli siya kay Atalia, na ano pa't siya'y hindi napatay. 3 At siya'y nakakubling kasama niya sa bahay ng PANGINOON na anim na taon: at si Atalia ay naghari sa lupain.

4 At sa ikapitong taon, si Jehoiada ay nagsugo, at kinuha ang mga kapitan ng dadaanin, sa mga Kariteo, at sa bantay, at mga ipinagsama niya sa bahay ng PANGINOON; at siya'y gumawa ng tipan sa kanila, at pinasumpa sila sa bahay ng PANGINOON, at ipinakita sa kanila ang anak ng hari. 5 At kaniyang iniutos sa kanila, na sinabing: Ito ang bagay na inyong gagawin: Ang ikatlong bahagi ninyo na nanasok sa sabado ay maging bantay sa bahay ng hari; 6 ang ikatlong bahagi ay malalagay sa pintuang-daang Sur; at ang ikatlong bahagi sa pintuang-daang sa likod ng bantay: gayon ninyo iingatan ang pagbabantay sa bahay at maging taga bugaw. 7 At ang dalawang pulutong ninyo, ang lahat na lumabas sa sabado mag-iingat ng pagbabantay ng bahay ng PANGINOON sa palibot ng hari. 8 At inyong kukulungin ang hari sa palibot, na bawa't isa'y may dalang kaniyang mga sakbat sa kaniyang kamay; at ang pumapasok sa hanay, patayin: at kayo'y umabay sa hari pagka siya'y lumalabas, at pagka siya'y pumapasok. 9 At ginawa ng mga kapitan ng dadaanin ang ayon sa lahat na iniutos ni Jehoiada na sacerdote: at kinuha ng bawa't lalaki ang kaniyang mga lalaki, yaong mga pumapasok sa sabado na kasama ng mga lumalabas sa sabado, at napaaroon kay Jehoiada na sacerdote. 10 At ibinigay ng sacerdote sa mga kapitan ng dadaanin ang mga sibat at ang mga kalasag na naging sa haring David, na mga nasa bahay ng PANGINOON. 11 At ang bantay ay tumayo, bawa't isa'y may kaniyang mga sakbat sa kaniyang kamay, mula sa dakong kanan ng bahay hangang sa dakong kaliwa ng bahay sa siping ng altar at ng bahay, sa siping ng hari sa palibot. 12 Ng magkagayo'y inilabas niya ang anak ng hari, at ipinutong niya ang korona sa kaniya, at binigyan siya ng patotoo; at ginawa nila siyang hari, at pinahiran siya; at kanilang ipinapak ang kanilang mga kamay, at nagabing: Mabuhay ang hari. 13 At ng marinig ni Atalia ang inyang ng bantay at ng bahay, siya'y napaaroon sa bayan sa loob ng bahay ng PANGINOON: 14 at siya'y tumingin, at, narito, ang hari ay tumayo sa

siping ng laligi, ayon sa kaugalian, at ang mga kapitan at ang mga pakakak sa siping ng hari; at ang boong bayan ng lupain ay nagalak, at humihip ng mga pakakak. Ng magkagayo'y hinapak ni Atalia ang kaniyang kasuotan, at huminaw: Paglililo, paglililo. 15 At si Jehoiada na sacerdote ay nag-utos sa mga kapitan ng dadaanin na nalalagay sa hukbo, at nagsabi sa kanilang: Palabasin ninyo siya sa pag-itan ng mga hanay, at ang sumunod sa kaniya, patayin ng tabak: sapagka't sinabi ng sacerdote: Huag patayin siya sa bahay ng PANGINOON. 16 Sa gayo'y binigyang daan nila siya; at siya'y naparoon sa daan na pinapasukan ng mga nangangabayo sa bahay ng hari: at doon siya pinatay.

17 At si Jehoiada ay gumawa ng tipan sa PANGINOON, at sa hari at sa bayan, na sila'y magiging bayan ng PANGINOON; gayon din sa hari at sa bayan. 18 At ang boong bayan ng lupain ay naparoon sa bahay ni Baal, at ibinagsak; ang kaniyang altar at ang kaniyang mga larawan ay pinagpirapirasong mainam nila, at pinatay si Matan na sacerdote ni Baal sa harap ng mga altar. At ang sacerdote ay naghalal ng mga tagapamahala sa bahay ng PANGINOON. 19 At kaniyang ipinagsama ang mga kapitan ng mga dadaanin, at ang mga Kariteo, at ang bantay, at ang boong bayan ng lupain; at kanilang ibinaba ang hari mula sa bahay ng PANGINOON, at naparoon sa daan ng pintuang-daan ng bantay, sa bahay ng hari. At siya'y naupo sa luklukan ng mga hari. 20 Sa gayo'y ang boong bayan ng lupain ay nagalak, at ang ciudad ay tahimik: at pinatay nila si Atalia ng tabak sa bahay ng hari. 21 Si Jehoas ay may pitong taon ng magpasimulang maghari.

12 Ng ikapitong taon ni Jehu ay nagpasimulang maghari si Jehoas; at siya'y nagharing apat na puong taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Zibia na taga Beer-seba. 2 At gumawa si Jehoas ng matuid sa mga mata ng PANGINOON, sa lahat ng kaniyang araw na ipinagturo sa kaniya ni Jehoiada na sacerdote. 3 Gayon may ang mga mataas na lugar ay hindi nalalis: ang bayan ay nagpatuloy na naghayin at nagsunog ng kamanyan sa mga mataas na lugar.

4 At sinabi ni Jehoas sa mga sacerdote: Ang boong salapi ng mga santong bagav

na napasok sa bahay ng PANGINOON, na karaniwang salapi, ang salapi na pangtubos sa mga pagkatawo na hiniling sa bawat isa, at ang boong salapi na nag-udyod sa puso ng sino mang lalaki na dallin sa bahay ng PANGINOON, 5 kunin ng mga sacerdote, ng bawat isa sa kaniyang kakilala: at kanilang hinusay, ang mga sira ng bahay saan man masumpungan ang ano mang sira. 6 Ngunit nangyari, sa ikadalawang puot tatlong taon ng haring si Jehoas, na hindi hinusay ng mga sacerdote ang mga sira ng bahay. 7 Ng magkagayo'y tinawag ng haring si Jehoas si Jehoiada na sacerdote, at ang ibang mga sacerdote, at sinabi sa kanilang: Bakit hindi ninyo hinuhusay ang mga sira ng bahay? ngayon nga'y huag na kayong kumuha pa ng salapi sa inyong mga kakilala, kungdi inyong ibigay para sa mga sira ng bahay. 8 At pinayagan ng mga sacerdote na huag na silang kumuha pa ng salapi sa bayan, o husayin pa man ang mga sira ng bahay. 9 Ngunit si Jehoiada na sacerdote ay kumuha ng isang kaban at nagbukas ng isang butas sa takip noon, at inilagay sa tabi ng altar sa dakong kanan ng pumapasok sa bahay ng PANGINOON: at isinilid doon ng mga sacerdote na nag-iingat ng pintuan ang boong salapi na dinala sa bahay ng PANGINOON. 10 At nagkagayon, ng makita nila na maraming salapi sa kaban, na ang kalihim ng hari at ang dakilang sacerdote ay sumampa, at kanilang isinilid sa mga supot, at binilang ang salapi na nasumpungan sa bahay ng PANGINOON. 11 At ibinigay nila ang salapi na tinimbang sa mga kamay nila na gumawa ng gagawin, na siyang mga tumitingin ng bahay ng PANGINOON; at kanilang mga ibinayad sa mga anloagi at sa mga mangagawa na gumawa sa bahay ng PANGINOON, 12 at sa mga mangdadaras ng bato, at sa mga maninibag ng bato, at sa pagbili ng mga kahoy, at mga hinichurahang bato upang husayin ang mga sira ng bahay ng PANGINOON, at sa lahat na magugugol sa bahay upang husayin. 13 Ngunit walang ginawa para sa bahay ng PANGINOON na mga tasang pilak, dinga gunting, mga mankok, mga pakakak, ano mang mga kasangkapang giuto, o mga kasangkapang pilak, sa salapi na napasok sa bahay ng PANGINOON: 14 sapagka't kanilang ibinigay yon sa kanila na gumawa ng gagawin, at ipinaghusay ng bahay ng PANGINOON. 15 Buked dito'y hindi sila



nakikigay-ayos sa mga lalaki na sa kanilang kamay ibinibigay nila ang salapi upang ibigay sa kanila na gumagawa ng gaganin: sapagka't kanilang ginagawang may pagtatapat. **16** Ang salaping handog dahil sa pagkakasala, at ang salaping handog dahil sa kasalanan, ay hindi ipinasok sa bahay ng PANGINOON: na ukol sa mga sacerdote nga.

**17** Ng magkagayo'y si Hazeel na hari sa Syria ay sumampa, at bumaka laban sa Gat, at sinakop: at itinitig ni Hazeel ang kaniyang mukha na sumampa sa Jerusalem. **18** At kinuha ni Jehoas na hari sa Juda ang lahat na santong bagay na itinatalaga ni Jehosafat, at ni Jehoram, at ni Ahazia, na kaniyang mga magulang, na mga hari sa Juda, at ang kaniyang mga santong bagay, at ang lahat na ginto na nasusumpungan sa mga kavamanan ng bahay ng PANGINOON, at ng bahay ng hari, at ipinadala kay Hazeel na hari sa Syria: at siya'y umalis sa Jerusalem. **19** Ang iba nga sa mga gawa ni Joas, at ang lahat niyang ginawa, (di ba mga nasusulat sa libro ng mga alaala sa mga hari sa Juda? **20** At ang kaniyang mga lingkod ay bumangon, at gumawa ng pagbabanta, at sinugatan si Joas sa bahay ni Millo, sa daan na pakaba sa Silla. **21** Sapagka't sinugatan siya ni Jozakar na anak ni Simeat, at ni Jehozabad na anak ni Somer, na kaniyang mga lingkod, at siya'y namatay; at inilibing nila siya na kasama ng kaniyang mga magulang sa ciudad ni David: at naghari si Amazia na kaniyang anak na kalahili niya.

**13** Ng ikadalawang puot tatlong taon ni Joas na anak ni Ahazia na hari sa Juda, nagpasimulang maghari si Jehoahaz na anak ni Jehu sa Israel sa Samaria, at nagharing labing pitong taon. **2** At kaniyang ginawa ang masama sa paningin ng PANGINOON, at sumunod sa mga kasalanan ni Jeroboam na anak ni Nebat, na kaniyang ipinapagkasala sa Israel: hindi niya mga hiniwalayan. **3** At ang galit ng PANGINOON ay nag-alab laban sa Israel, at kaniyang mga ibinigay sa kamay ni Hazeel na hari sa Syria, at sa kamay ni Ben-hadad na anak ni Hazeel, na palagi. **4** At si Jehoahaz ay namahik sa PANGINOON, at dininig siya ng PANGINOON: sapagka't nakita niya ang kapighatian ng Israel, kung paanong pinighati ng hari sa Syria sila. **5** (At binigyan ng PANGINOON ang Israel ng isang tagapagligtas, na ano pa't sila'y lumabas pa mula sa

kamay ng mga taga Syria: at ang mga anak ng Israel ay tumahan sa kanilang mga dampa, gaya ng una. **6** Gayon ma'y sila'y hindi humiwalay sa mga kasalanan ng bahay ni Jeroboam, na ipinapagkasala sa Israel, kungdi nilikaran nila: at nalabi ang Ashera naman sa Samaria. **7** Sapagka't hindi siya nag-iwan kay Jehoahaz sa bayan liban sa limang puong mangang-bayo, at sampuonng karro, at sampuonng libong tawong naglalakad; sapagka't nilipol sila ng hari sa Syria, at ginawa silang gaya ng alabok sa giikan. **8** Ang iba nga sa mga gawa ni Jehoahaz at ang lahat niyang ginawa, at ang kaniyang kapang-yarihan, (di ba mga nasusulat sa libro ng mga alaala sa mga hari sa Israel? **9** At si Jehoahaz ay natulog na kasama ng kaniyang mga magulang; at inilibing nila siya sa Samaria: at si Joas na kaniyang anak ay naghari na kalahili niya.

**10** Ng ikatatlong puot pitong taon ni Joas na hari sa Juda ay nagpasimula si Jehoas na anak ni Jehoahaz na maghari sa Israel sa Samaria, at nagharing labing anim na taon. **11** At siya'y gumawa ng masama sa paningin ng PANGINOON; siya'y hindi humiwalay sa lahat na kasalanan ni Jeroboam na anak ni Nebat, na kaniyang ipinapagkasala sa Israel: kungdi kaniyang nilakaran. **12** Ang iba nga sa mga gawa ni Joas at ang lahat niyang ginawa, at ang kaniyang kapang-yarihan na kaniyang ibinaka laban kay Amazia na hari sa Juda, (hindi ba mga nasusulat sa libro ng mga alaala sa mga hari sa Israel? **13** At si Joas ay natulog na kasama ng kaniyang mga magulang; at si Jeroboam ay umupo sa kaniyang luklukan; at si Joas ay nalibing sa Samaria na kasama ng mga hari sa Israel.

**14** Si Eliseo nga ay nagkasakit ng sakit na kaniyang ikinamatay: at binaba siya at iniyakan siya ni Joas na hari sa Israel, at nagsabing: (Ama ko, ama ko, mga karro ng Israel at mga manganangabayo noon! **15** At sinabi ni Eliseo sa kaniyang: Kumuha ka ng bosog at mga pana: at siya'y kumuha ng bosog at mga pana. **16** At sinabi niya sa hari sa Israel: Ilagay mo ang iyong kamay sa bosog: at inilagay niya ang kaniyang kamay roon. At inilagay ni Eliseo ang kaniyang mga kamay sa mga kamay ng hari. **17** At kaniyang sinabing: Buksan mo ang dungawan sa dakong silanganan: at binuksan niya. Ng magkagayo'y sinabi ni Eliseo: Magpalulagpos ka: at siya'y nagpahilagpos.

At kaniyang sinabing: Ang pana ng pagtatagumpay ng PANĠNOON, ang pana ng pagtatagumpay sa Syria: sapagka't iyong susugatan ang mga taga Syria sa Afek, hangang sa iyong mangalipol. **18** At kaniyang sinabing: Tangnan mo ang mga pana: at mga tinangnan niya. At sinabi niya sa hari sa Israel: Sunugat ka sa lupa: at siya'y sumugat na makaitlo, at tumigil. **19** At ang lalaki ng Dios ay nag-irit sa kaniya, at nagsabing: Marapat nga sana na iyong sugatang makalima o makaanim; sinugatan mo nga sana ang Syria hangang sa iyong nalipol: kaya't ngayo'y susugatan mo ang Syria na makaitlo lamang.

**20** At namatay si Eliseo, at kanilang inililing siya. Ang mga pulutong nga ng mga Moabita ay lumoob sa lupain sa pagdating ng taon. **21** At nangyari, samantalang kanilang inililing ang isang lalaki, na, narito, kanilang timiktikan ang isang pulutong; at kanilang inihagis ang lalaki sa libingan ni Eliseo: at pagkasagi ng tawo ng mga buto ni Eliseo, siya'y nabuhay uli, at tumayo ng kaniyang mga paa.

**22** At pinighati ni Hazael na hari sa Syria ang Israel lahat ng araw ni Jehoahaz. **23** Ngunit ang PANĠNOO'y naawa sa kanila at nahabag sa kanila, at kaniyang pinakundanganan sila, dahil sa kaniyang tipan kay Abraham, kay Isaak, at kay Jakob, at hindi mga nilipol o mga itinaboy man sa kaniyang harap hangang noon. **24** At si Hazael na hari sa Syria ay namatay; at si Ben-hadad na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya. **25** At inalis uli ni Jehoas na anak ni Jehoahaz sa kamay ni Ben-hadad ang anak ni Hazael ang mga ciudad na kaniyang inalis sa kamay ni Jehoahaz na kaniyang ama sa pakikipagbaka. Makaitlong sinugatan siya ni Joas at binawi ang mga ciudad ng Israel.

**14** Ng ikalawang taon ni Joas na anak ni Jehoahaz na hari sa Israel ay nagpasimula si Amazia na anak ni Joas na hari sa Juda na maghari. **2** Siya'y may dalawang puo't limang taon ng siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing dalawang puo't siam na taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Jehoadin na taga Jerusalem. **3** At siya'y gumawa ng matuid sa mga mata ng PANĠNOON, gayon man di gaya ni David na kaniyang magulang: kaniyang ginawa ang ayon sa lahat na ginawa ni Joas na kaniyang ama. **4** Gayon may

ang mga mataas na lugar ay hindi naalis: ang bayan ay nagpatuloy na nagbayin at nagsunog ng kamanyan sa mga mataas na lugar. **5** At nangyari, pagkatatag ng kaharian sa kaniyang kamay, na kaniyang pinatay ang kaniyang mga lingkod na pumatay sa hari na kaniyang ama: **6** ngunit ang mga anak ng mga mamamatay tawo ay hindi niya pinatay: ayon doon sa nasusulat sa libro ng kautusan ni Moises, gaya ng inintos ng PANĠNOON, na sinabing: Ang mga ama ay hindi papatayin dahil sa mga anak o ang mga anak man ay papatayin dahil sa mga ama; kungdi bawa't tawo ay mamamatay dahil sa kaniyang sariling kasalanan. **7** Siya'y pumatay sa mga Edomeo sa Libis ng Asin ng sumpuonng libo, at sinakop ang Sela sa pakikipagbaka, at pinanganlang Jokteel hangang sa araw na ito.

**8** Ng magkagayo'y nagsugo ng mga sugo si Amazia kay Jehoas na anak ni Jehoahaz na anak ni Jehu, na hari sa Israel, na sinabing: Halika, tayo'y magtitigan. **9** At si Jehoas na hari sa Israel ay nagsugo kay Amazia na hari sa Juda, na nagsabing: Ang dawag na nasa Lebano ay nagsugo sa cedro na nasa Lebano, na nagsabing: Ibigay mong asawa ang iyong anak na babaye sa aking anak: at nagdaan ang isang mabangis na hayop na nasa Lebano, at niyapakan ang dawag. **10** Iyong tunay na sinugatan ang Edom, at itinaas ka ng iyong puso: lumualhati ka, at tumahan sa bahay: sapagka't bakit ibig mong mumungkahing kasakunaan, upang ikaw ay mabual ikaw, at ang Juda na kasama mo?

**11** Ngunit hindi dininig ni Amazias. Sa gayo'y sumampa si Jehoas na hari sa Israel; at siya, at si Amazia na hari sa Juda ay nagtitigan sa Bet-semes, na ukol sa Juda. **12** At ang Juda ay nalagay sa kasamasamaan sa harap ng Israel; at sila'y tumakas bawa't isa sa kaniyang dampa. **13** At kinuha ni Jehoas na hari sa Israel si Amazia na hari sa Juda, na anak ni Jehoas na anak ni Ahazia, sa Bet-semes, at naparoon sa Jerusalem, at ibinagsak ang kuta ng Jerusalem mula sa pintuang-daan ng Efraim hangang sa pintuang-daan ng sulok, na apat na ruang siko. **14** At kinuha niya ang lahat na ginto at pilak, at ang lahat na mga kasangkapan na nasumpungau sa bahay ng PANĠNOON, at sa mga kayamanan ng bahay ng hari, mga sanlang tawo naman, at nagbalik sa Samaria. **15** Ang iba

nġa sa mġa gawa ni Jehoas na kaniyang ginawa, at ang kaniyang kapangyarihan, at kung paanong siya'y bumaka kay Amazia na hari sa Juda, ¿ di ba mġa nasusulat sa libro nġ mġa alaala sa mġa hari sa Israel? **16** At natulog si Jehoas na kasama nġ kaniyang mġa magulang, at nalibing sa Samaria na kasama nġ mġa hari sa Israel; at si Jeroboam na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**17** At si Amazia na anak ni Joas na hari sa Juda ay nabuhay pagkamatay ni Jehoas na anak ni Jehoahaz na hari sa Israel, na labing limang taon. **18** Ang iba nġa sa mġa gawa ni Amazia, ¿ di ba mġa nasusulat sa libro nġ mġa alaala sa mġa hari sa Juda? **19** At sila'y gumawa nġ pagbabanta laban sa kaniya sa Jerusalem; at siya'y tumakas sa Lakis: nguni't pinasundan nila siya sa Lakis, at pinatay siya roon. **20** At dinala siya nila na nakasakay sa mġa kabayo: at siya'y nalibing sa Jerusalem na kasama nġ kaniyang mġa magulang sa ciudad ni David. **21** At kinuha nġ boong bayan nġ Jnda si Azarias na may labing anim na taon, at ginawa siyang hari na kahalili nġ kaniyang ama na si Amazia. **22** Kaniyang itinayo ang Elat, at isinauli sa Juda pagkatapos na ang hari ay matulog na kasama nġ kaniyang mġa magulang.

**23** Nġ ikalalabing limang taon ni Amazia na anak ni Joas na hari sa Juda, si Jeroboam na anak ni Joas na hari sa Israel ay nagpasimulang maghari sa Samaria, at nagharing apat na puo't isang taon. **24** At kaniyang ginawa ang masama sa paningin nġ PANĠINOON: hindi niya hiniwalayan ang lahat na kasalanan ni Jeroboam na anak ni Nebat, na kaniyang ipinapagkasala sa Israel. **25** Kaniyang isinauli ang hanganan nġ Israel mula sa pasukan nġ Hamat hangang sa dagat nġ Araba, ayon sa salita nġ PANĠINOON, nġ Dios nġ Israel, na nagsalita sa pamamag-itan nġ kaniyang lingkod na si Jonas na anak ni Amitai, na profeta na taga Gat-hefer. **26** Sapagkat nakita nġ PANĠINOON ang kapighatian nġ Israel, na totoong masaklap: sapagka't walang nakulong o naiwan man, o sino mang tumulong sa Israel. **27** At hindi sinabi nġ PANĠINOON na kaniyang papawiin ang pangalan nġ Israel mula sa ilalim nġ lingit: kungdi iniligtas nila siya sa pamamag-itan nġ kamay ni Jeroboam na anak ni Joas. **28** Ang iba nġa sa mġa gawa ni Jeroboam, at ang lahat na kaniyang

ginawa, at ang kaniyang kapangyarihan, kung paanong siya'y bumaka, at kung paanong siya'y bumawi sa Damasko at sa Hamat, na mġa ukol sa Juda, para sa Israel ¿ di ba mġa nasusulat sa libro nġ mġa alaala sa mġa hari sa Israel? **29** At si Jeroboam ay natulog na kasama nġ kaniyang mġa magulang, nġ mġa hari sa Israel; at si Zekarias na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**15** Nġ ikadalawang puo't pitong taon ni Jeroboam na hari sa Israel ay nagpasimula si Azarias na anak ni Amazia na hari sa Juda na maghari. **2** May labing anim na taon siya nġ siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing limang puo't dalawang taon sa Jerusalem: at ang pangalan nġ kaniyang ina ay Jekolia na taga Jerusalem. **3** At siya'y gumawa nġ matuid sa mġa mata nġ PANĠINOON, ayon sa lahat na ginawa nġ kaniyang amang si Amazia. **4** Gayon ma'y ang mġa mataas na lugar ay hindi naalis: ang bayan ay nagpatuloy na naghayin at nagsunog nġ kamayanan sa mġa mataas na lugar. **5** At sinugatan nġ PANĠINOON ang hari, na ano pa't siya'y nagka ketong hangang sa araw nġ kaniyang kamatayan, at tumahan sa bukod na bahay. At si Jotam na anak nġ hari ay nasa pamamahala nġ bahay na humahatol sa bayan nġ lupain. **6** Ang iba nġa sa mġa gawa ni Azarias, at ang lahat nġ kaniyang ginawa, ¿ di ba mġa nasusulat sa libro nġ mġa alaala sa mġa hari sa Juda? **7** At si Azarias ay natulog na kasama nġ kaniyang mġa magulang; at inilibing nila siya na kasama nġ kaniyang mġa magulang sa ciudad ni David: at si Jotam na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**8** Nġ ikatatlong puo't walong taon ni Azarias na hari sa Juda, ay naghari sa Israel si Zekarias na anak ni Jeroboam sa Samaria na anim na buan. **9** At siya'y gumawa nġ masama sa paningin nġ PANĠINOON, gaya nġ ginawa nġ kaniyang mġa magulang: hindi hiniwalayan ang mġa kasalanan ni Jeroboam na anak ni Nebat, na kaniyang ipinapagkasala sa Israel. **10** At si Sallum na anak ni Jabez ay nagbanta laban sa kaniya, at sinugatan siya sa harap nġ bayan, at pinatay siya, at naghari na kahalili niya. **11** Ang iba nġa sa mġa gawa ni Zekarias, narito, mġa nasusulat sa libro nġ mġa alaala sa mġa hari sa Israel. **12** Ito ang salita nġ PANĠINOON, na kaniyang sinalita kay

Jehu, na sinabing : Ang iyong mga anak sa ikaapat na *sinin ng* labi ay umupo sa luklukan ng Israel. At gayon ang nangyari.

13 Si Sallum na anak ni Jales ay nagpasimulang maghari sa ikatatlong puo't siam na taon ni Uzias na hari sa Juda; at siya'y naghari sa loob ng isang buan sa Samaria. 14 At si Menahem na anak ni Gadi ay sumampa mula sa Tirza, at naparoon sa Samaria, at sinugatan si Sallum na anak ni Jales sa Samaria, at pinatay niya siya, at naghari na kahalili niya.

15 Ang nalabi nga sa mga gawa ni Sallum, at ang pagbabanta niya na kaniyang ginawa, narito, mga nasusulat sa libro ng mga alaala sa mga hari sa Israel. 16 Ng magkagayo'y sinugatan ni Menahem si Tifsa, at ang lahat na nandoon, at ang mga hangganan noon, mula sa Tirza: sapagka't hindi nila siya pinagbuxsan, kaya't sinugatan niya; at ang lahat na babaye na nandoon na buntis ay mga pinalua niya ang bituka.

17 Ng ikatatlong puo't siam na taon ni Azarias na hari sa Juda ay nagpasimulang maghari sa Israel si Menahem na anak ni Gadi, at *nagharing* sampuon taon sa Samaria. 18 At kaniyang ginawa ang masama sa paningin ng PANGINOON: siya'y hindi humiwalay ng lahat niyang mga araw sa mga kasalanan ni Jeroboam na anak ni Nebat, na kaniyang ipinapagkasala sa Israel. 19 Naparoon laban sa lupain si Pul na hari sa Asiria; at binigyan ni Menahem ang salapi ng Israel, ng lahat na makapangyarihang lalaki na mayaman, na bawala't lalaki ay limang puong siklo na pilak upang ibigay sa hari sa Asiria. Sa gayo'y ang hari sa Asiria ay nagbalik at hindi tumigil doon sa lupain. 21 Ang iba nga sa mga gawa ni Menahem at ang lahat niyang ginawa, di ba mga nasusulat sa libro ng mga alaala sa mga hari sa Israel? 22 At natulog si Menahem na kasama ng kaniyang mga magulang; at si Pekahia na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

23 Ng ikalimang puong taon ni Azarias na hari sa Juda ay nagpasimulang maghari sa Israel si Pekahia na anak ni Menahem sa Samaria, at *nagharing* dalawang taon. 24 At kaniyang ginawa ang masama sa paningin ng PANGINOON: hin-

di niya hiniwalayan ang mga kasalanan ni Jeroboam na anak ni Nebat, na kaniyang ipinapagkasala sa Israel. 25 At si Peka na anak ni Remalias, na kaniyang kapitan, nagbanta laban sa kaniya, at sinugatan siya sa Samaria, sa palacio ng bahay ng hari, na kasama si Argob at si Arye; at kasama niya'y limang puong lalaki na mga Gileadita: at pinatay niya siya, at naghari na kahalili niya. 26 Ang iba nga sa mga gawa ni Pekahia, at ang lahat niyang ginawa, narito, mga nasusulat sa libro ng mga alaala sa mga hari sa Israel.

27 Ng ikalimang puo't dalawang taon ni Azarias na hari sa Juda ay nagpasimulang maghari si Peka na anak ni Remalias sa Israel sa Samaria, at *nagharing* dalawang puong taon. 28 At kaniyang ginawa ang masama sa paningin ng PANGINOON: hindi niya hiniwalayan ang mga kasalanan ni Jeroboam na anak ni Nebat na kaniyang ipinapagkasala sa Israel. 29 Ng mga kaarawan ni Peka na hari sa Israel ay naparoon si Tiglat-pileser na hari sa Asiria, at kinuha ang Ijon, at ang Abel-bet-maaka, at ang Janoa, at ang Kedes, at ang Hazor, at ang Gilead, at ang Galilea, ang boong lupain ng Naftali; at kaniyang mga dinalang bihang sa Asiria.

30 At si Hoseas na anak ni Ela ay gumawa ng pagbabanta laban kay Peka na anak ni Remalias, at sinugatan niya siya, at pinatay niya siya, at naghari na kahalili niya, sa ikadalawang puong taon ni Jotam na anak ni Uzias. 31 Ang iba nga sa mga gawa ni Peka, at ng lahat niyang ginawa, narito, mga nasusulat sa libro ng mga alaala sa mga hari sa Israel.

32 Ng ikalawang taon ni Peka na anak ni Remalias na hari sa Israel, ay nagpasimulang maghari si Jotam na anak ni Uzias na hari sa Juda. 33 Siya'y may dalawang puo't limang taon ng siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing labing anim na taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Jerusa na anak ni Zadok. 34 At siya'y gumawa ng matuid sa mga mata ng PANGINOON: kaniyang ginawa ang ayon sa lahat na ginawa ng kaniyang amang si Uzias. 35 Gayon may ang mga mataas na lugar ay hindi mga naalis: ang bayan ay nagpatuloy na maghavin at nagsunog ng kamanyan sa mga mataas na lugar. Siya'y nagtayo ng mataas na pintuang-daan sa bahay ng PANGINOON. 36 Ang iba nga sa mga gawa ni Jo-

tam, at ang lahat niyang ginawa, di ba mga nasusulat sa libro ng mga alaala sa mga hari sa Juda? **37** Ng mga araw na yao'y pinasimulan ng PANGINOON na suguin laban sa Juda si Rezin na hari sa Syria, at si Peka na anak ni Remalias. **38** At si Jotam ay natulog na kasama ng kaniyang mga magulang, at inilibing na kasama ng kaniyang mga magulang sa ciudad ni David na kaniyang magulang: at si Ahaz na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**16** Ng ikalabing pitong taon ni Peka na anak ni Remalias ay nagpasimulang maghari si Ahaz na anak ni Jotam na hari sa Juda. **2** May dalawang puong taon si Ahaz ng siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing labing anim na taon sa Jerusalem: at hindi siya gumawa ng matuid sa mga mata ng PANGINOON na kaniyang Dios, na gaya ni David na kaniyang magulang. **3** Kungdi siya'y lumakad ng mga lakad ng mga hari sa Israel, oo, at kaniyang pinaraan ang kaniyang anak sa apoy, ayon sa mga kasuklamsuklam ng mga walang Dios na inihagis ng PANGINOON mula sa harap ng mga anak ng Israel. **4** At siya'y naghayin, at nagsunog ng kamanyan sa mga mataas na lugar, at sa mga burol, at sa ilalim ng hawa't sariwang-kahoy. **5** Ng magkagayo'y si Rezin na hari sa Syria at si Peka na anak ni Remalias na hari sa Israel ay sumampa sa Jerusalem upang bumaka: at kanilang kinulog si Ahaz, nguni't hindi nila nadaig. **6** Ng pana-hong yaon ay binawi ni Rezin na hari sa Syria ang Elat sa Syria, at pinalayas ang mga Judio sa Elat: at ang mga taga Syria ay naparoon sa Elat, at tumahan doon, hangang sa araw na ito. **7** Sa gayo'y nagsugo si Ahaz ng mga sugo sa Tiglat-pileser na hari sa Asiria, na nagsabing: Ako ang iyong alipin at ang iyong anak: ikaw ay pumanhik, at ilitas mo ako sa kamay ng hari sa Syria at sa kamay ng hari sa Israel na nagbabangon laban sa akin. **8** At kinuha ni Ahaz ang pilak at ginto na nasumpungan sa bahay ng PANGINOON, at sa mga kayamanan ng bahay ng hari, at ipinadalang kaloob na hari sa Asiria. **9** At dininig siya ng hari sa Asiria: at ang hari sa Asiria ay sumampa laban sa Damasko, at sinakop, at dinala ang bayan na bihag sa Kir, at pinatay si Rezin. **10** At ang haring si Ahaz ay naparoon sa Damasko upang salubungin si Tiglat-pileser na hari sa Asiria, at nakita

ang altar na nasa Damasko: at ang haring si Ahaz ay nagsugo kay Urijas na sacerdote ng anyo ng altar, at ng ayos noon, ayon sa boong ayos noon. **11** At si Urijas na sacerdote ay nagtayo ng isang altar: ayon sa lahat na ipinasugo ng haring si Ahaz mula sa Damasko, gayong ginawa ni Urijas na sacerdote, bago dumating ang haring Ahaz mula sa Damasko. **12** At ng ang hari ay dumating mula sa Damasko, nakita ng hari ang altar: at ang hari ay lumapit sa altar, at naghandog doon. **13** At kaniyang siunog ang kaniyang handog na susunugin, at ang kaniyang handog na harina, at ibinuhos ang kaniyang inuming handog, at iniwisik ang dugo ng kaniyang mga handog tungkol sa kapayapaan sa ibabaw ng altar. **14** At ang altar na tanso na nasa harap ng PANGINOON ay kaniyang dinala mula sa harapan ng bahay, mula sa pag-itan ng kaniyang altar at ng bahay ng PANGINOON, at inilagay sa dakong hilagaan ng kaniyang altar. **15** At inutusan ng haring Ahaz si Urijas na sacerdote, na sinabing: Sa ibabaw ng malaking altar, ikaw ay magsunog ng handog na susunugin ng kinaumagahan, at ng handog na harina ng kinahapunan, at ng handog na susunugin ng hari, at ng kaniyang handog na harina sampuo ng handog na susunugin ng boong bayan ng lupain at ng kanilang handog na harina, at ng kanilang mga handog na inumin; at iwisk mo doon ang boong dugo ng handog na susunugin, at ang boong dugo ng hayin: nguni't ang altar na tanso ay mapapasa akin upang pag-usisaan. **16** Ganito ang ginawa ni Urijas na sacerdote, ayon sa lahat na iniutos ng haring Ahaz. **17** At pinutol ng haring Ahaz ang mga hanganan ng mga tungtungan, at inialis sa mga yaon ang hugasan; at ibinaba ang dagat mula sa mga bakang tanso na nasa ilalim niya, at ipinatong sa isang pavementong bato. **18** At ang lugar na natatakpan para sa sabado na kanilang itinayo sa bahay, at ang pasukan ng hari na nasa labas, ipinibit sa bahay ng PANGINOON, dahil sa hari sa Asiria. **19** Ang iba nga sa mga gawa ni Ahaz na kaniyang ginawa, di ba mga nasusulat sa libro ng mga alaala sa mga hari sa Juda? **20** At si Ahaz ay natulog na kasama ng kaniyang mga magulang, at inilibing na kasama ng kaniyang mga magulang sa ciudad ni David: at si Hezekias na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**17** Ng ikalabing dalawang taon ni Ahaz na hari sa Juda ay nagpasimula si Hosea na anak ni Ela na maghari sa Samaria sa Israel, at *nagharing* siam na taon. **2** At kaniyang ginawa ang masama sa paningin ng PANGINOON, baga man hindi gaya ng mga hari sa Israel na mga una sa kaniya. **3** Laban sa kaniya ay sumampa si Salmaneser na hari sa Asiria; at si Hosea ay naging kaniyang alipin at dinalhan siya ng mga kaloob. **4** At ang hari sa Asiria ay nakasumpong ng pagbabanta kay Hosea; sapagka't siya'y nagsugo ng mga sugo kay So na hari sa Egipto, at hindi naghandang ng kaloob sa hari sa Asiria, na gaya ng kaniyang ginagawa taon-taon: kaya't kinulong siya ng hari sa Asiria, at ipinangaw siya sa bilangguan. **5** Ng magkagayon ang hari sa Asiria ay sumampa sa boong lupain, at sumampa sa Samaria, at kinulong na tatlong taon. **6** Ng ikasiyam na taon ni Hosea, sinakop ng hari sa Asiria ang Samaria, at dinala ang Israel sa Asiria, at mga inilagay sa Halah, at sa Habor, sa ilog ng Gozan at sa mga ciudad ng mga Mede. **7** At nagkagayon, sapagka't ang mga anak ng Israel ay nagkasala laban sa PANGINOONG kanilang Dios, na siyang sumampa sa kanila sa lupain ng Egipto. mula sa kamay ni Faraon na hari sa Egipto, at siya'y natakot sa ibang mga dios, **8** at lumakad sa mga palatuntunan ng mga nasyon, na inialis ng PANGINOON sa harap ng mga anak ng Israel, at ng mga hari sa Israel, na kanilang ginawa. **9** At ang mga anak ng Israel ay gumawa ng mga lihim na bagay na hindi mga matuid sa PANGINOONG kanilang Dios, at sila'y nagtayo sa kanila ng mga mataas na lugar sa lahat nilang mga ciudad mula sa moog ng mga bantay hangang sa ciudad na nakukutaan. **10** At sila'y mga naglagay ng mga haligi at mga Ashera sa baw't mataas na burol, at sa ilalim ng lahat na sariwang punong kahoy: **11** at doo'y nagsunog sila ng kamayanan sa lahat na mataas na lugar, gaya ng ginawa ng mga nasyon na inalis ng PANGINOON sa harap nila; at gumawa ng mga masamang bagay upang mungkahin ang PANGINOON sa galit; **12** at sila'y naglingkod sa mga idolo, na siyang sa kanila ay sinabi ng PANGINOONG: Huag ninyong gagawin ang bagay na ito. **13** Gayon ma'y sumaksi ang PANGINOON sa Israel, at sa Juda, sa pamamag-itan ng kamay ng baw't profeta, at ng baw't mapagkita, na nagsabing: Iwan ninyo

ang inyong mga masamang lakad, at ingatan ninyo ang aking mga utos, at ang aking mga palatuntunan; ayon sa boong kamusau na aking iniutos sa inyong mga magulang, at aking isinugo sa inyo sa pamamag-itan ng kamay ng aking mga alipin na mga profeta. **14** Gayon ma'y hindi nila dininig, kungdi kanilang pinatigas ang kanilang leeg, na gaya ng leeg ng kanilang mga magulang, na hindi sumampalataya sa PANGINOONG kanilang Dios. **15** At kanilang itinakuil ang kaniyang mga palatuntunan, at ang kaniyang tipan na kaniyang ginawa sa kanilang mga magulang, at ang kaniyang mga patotoo na kaniyang ipinatotoo sa kanila; at sila'y sumunod sa kalayawan, at naging walang kabuluhan, at *sumunod* sa mga nasyon na nasa palibot nila, ayon sa ibiniliin ng PANGINOON na huag silang gumawa ng gaya ng mga yaon. **16** At kanilang iniwan ang lahat na utos ng PANGINOONG kanilang Dios, at mga gumawa ng larawang binubo, ng dalawang gaya, at gumawa ng isang Ashera, at sinamba ang lahat na hukbo sa langit, at naglingkod kay Baal. **17** At kanilang pinaraan ang kanilang mga anak na lalaki at babaye sa apoy, at gumamit ng panghuhula at mga pangagaway, at mga napabili upang gumawa ng masama sa paningin ng PANGINOON, upang mungkahin siya sa galit. **18** Kaya't ang PANGINOON ay totoong nagalit sa Israel, at inalis sila sa kaniyang paningin: walang naiwan kungdi ang angkan ng Juda lamang. **19** Gayon din ang Juda hindi iniingatan ang mga utos ng PANGINOONG kanilang Dios, kungdi lumakad sa mga palatuntunan ng Israel na kanilang ginawa. **20** At itinakuil ng PANGINOON ang boong binhi ng Israel, at pinghati sila, at mga ibinigay sa kamay ng mga mananamsam hangang sa kaniyang itinulak sila sa kaniyang paningin. **21** Sapagka't kaniyang ihiwalay ang Israel sa bahay ni David; at kanilang ginawang hari si Jeroboam na anak ni Nebat: at pinahiwalay ni Jeroboam ang Israel sa pagsunod sa PANGINOON, at pinapagsalala sila ng malaking kasalanan. **22** At ang mga anak ng Israel ay lumakad sa lahat ng mga kasalanan ni Jeroboam na kaniyang ginawa; hindi nila hiniwalayan sila; **23** hangang sa inihwalay ng PANGINOON ang Israel sa kaniyang paningin, gaya ng kaniyang sinalita sa pamamag-itan ng lahat niyang mga lingkod

na mġa profeta. Gayon dinala ang Israel sa Asiria na mula sa kanilang sariling lupain hangang sa araw na ito.

24 At ang hari sa Asiria ay nagdala ng mġa tawo na mula sa Babilonia, at sa Kutha, at sa Ava, at sa Hamat, at sa Sefarvaim, at mġa inilagay sa mġa ciudad ng Samaria na kahalili ng mġa anak ng Israel: at kanilang inari ang Samaria, at tumahan sa mġa ciudad noon. 25 At nagkagayon, sa pasimula ng kanilang pagtahan doon, na hindi sila natakot sa PANGINOON: kaya't ang PANGINOON ay nagsugo ng mġa leon sa gitna nila, na pinatay ang iba sa kanila. 26 Kaya't kanilang sinalita sa hari sa Asiria, na sinabing: Ang mġa nacion na iyong mġa dinala at mġa inilagay sa mġa ciudad ng Samaria, hindi nakaalam ng paraan ng Dios sa lupain: kaya't siya'y nagsugo ng mġa leon sa gitna nila, at, narito, mġa pinatay sila, sapagka't hindi sila nakaalam ng paraan ng Dios sa lupain. 27 Ng magkagayo'y nag-utos ang hari sa Asiria, na nagsabing: Dalhin ninyo roon ang isa sa mġa sacerdote na inyong dinala mula roon; at inyong pa-yaunin at patahanin doon, at turuan niya sila ng paraan ng Dios sa lupain. 28 Sa gayo'y isa sa mġa sacerdote na kanilang dinala mula sa Samaria ay napa-roon at tumahan sa Bet-el, at tinuruan sila kung paanong sila'y marapat na matakot sa PANGINOON. 29 Gayon ma'y baw't nacion ay gumawa ng mġa dios sa kanilang sarili, at mġa inilagay sa mġa bahay sa mġa mataas na lugar na mġa ginawa ng mġa Samaritano, baw't nacion sa kanilang mġa ciudad na kanilang tinatahanan. 30 At ginawa ng mġa lalaki sa Babilonia ang Sukkot-benot, at ginawa ng mġa lalaki sa Kuth ang Nergal, at ginawa ng mġa lalaki sa Hamat ang Asima, 31 at ng mġa Aveo ang Nibhaz at ang Tartak, at sinusunog ng mġa Sefarvita ang kanilang mġa anak sa apoy sa Adrammelek at sa Anammelek na mġa dios sa Sefarvaim. 32 Sa gayo'y natakot sila sa PANGINOON, at naghalal sila sa gitna nila ng mġa sacerdote sa mġa mataas na lugar, na mġa ipinaghahayin sila sa mġa bahay, na nasa sa mġa mataas na lugar. 33 Sila'y natakot sa PANGINOON at naglingkod sa kanilang sariling mġa dios, ayon sa paraan ng mġa nacion na kinadlangang bihag nila. 34 Hangan sa araw na ito ay ginagawa nila ang ayon sa mġa dating paraan: sila'y hindi natakot sa

PANGINOON, o gumagawa man ng ayon sa kanilang mġa palatuntunan, o ayon sa kanilang mġa ayos, o ayon sa kautusan, o ayon sa utos na iniutos ng PANGINOON sa mġa anak ni Jakob, na kaniyang pinanganlang Israel; 35 na siyang ginawang tipan ng PANGINOON, at mġa binilinan, na sinabing: Kayo'y huag mata-takot sa ibang mġa dios, o yuyukod man sa kanila, o maglinkod man sa kanila o maghahayin man sa kanila: 36 kung-di ang PANGINOON, na nagsampa sa inyo mula sa lupain ng Egipto na may malaking kapangyarihan at may unat na kamay, siya ninyong katatakutan, at sa kaniya kayo yuyukod, at sa kaniya kayo maghahayin: 37 at ang mġa palatuntunan, at ang mġa ayos, at ang kautusan, at ang utos na kaniyang simulat para sa inyo, inyong gaganaping gawin magpakailan man; at kayo'y huag matakot sa ibang mġa dios: 38 at ang tipan na aking ginawa sa inyo, huag ninyong kalilimutan; o matatakot man sa ibang mġa dios: 39 ngunit sa PANGINOONG inyong Dios ay matatakot kayo; at kaniyang liligat kayo sa kamay ng lahat ninyong mġa kaaway. 40 Gayon ma'y hindi nila diming, kungdi kanilang ginawa ayon sa kanilang dating paraan. 41 Sa gayo'y ang mġa naciong ito ay natakot PANGINOON, at naglingkod sa kanilang mġa larawang hinichurahan; ang kanilang mġa anak ay gayon din, at ang mġa anak ng kanilang mġa anak, kung ano ang ginawa ng kanilang mġa magulang, gayon ang ginagawa nila hangang sa araw na ito.

18 Nangyari nga, ng ikatlong taon ni Hosea na anak ni Ela na hari sa Israel, na si Hezekias na anak ni Ahaz na hari sa Juda ay nagpasimulang maghari. 2 May dalawang puo't limang taon siya ng magpasimulang maghari; at siya'y nagharing dalawang puo't siam na taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Abi na anak ni Zekarias. 3 At siya'y gumawa ng matuid sa mġa mata ng PANGINOON, ayon sa lahat na ginawa ni David na kaniyang magulang. 4 Kaniyang inalis ang mġa mataas na lugar, at sinira ang mġa haligi, at ibinagsak ang Ashera: at kaniyang pinagpirapiraso ang ahas na tanso na ginawa ni Moises; sapagka't hangang sa mġa araw na yaon ay pinagsusunugan ng kamanyang ng mġa anak ng Israel; at pinanganlang Nehustan. 5 Siya'y umasa sa PANGINOON, sa

Dios ng Israel; na ano pa't ng mamatay siya ay walang naging gaya niya sa lahat ng hari sa Juda, o sa mga nama man sa kaniya. **6** Sapagka't siya'y lumakip sa PANGINOON, siya'y hindi humiwalay ng pagsunod sa kaniya, kungdi iningatan ang kaniyang mga utos na iniutos ng PANGINOON kay Moises. **7** At ang PANGINOON ay sumasakaniya; saan man siya lumabas ay gumigihawa siya: at nanghimagsik laban sa hari sa Asiria, at hindi niya pinaglingkuran. **8** Kaniyang sinugatan ang mga Filisteo hangang sa Gaza, at ang mga hanganan noon, mula sa ubog ng bantay hangang sa ciudad na nakukutaan.

**9** At nangyari, ng ikaapat na taon ng haring Hezekias, na siyang ikapitong taon ni Hosea na anak ni Ela na hari sa Israel, na si Salmane'er na hari sa Asiria ay sumampa laban sa Samaria, at kinulong niya. **10** At sa katapusan ng tatlong taon ay kanilang sinakop: sa ikaanim na taon ni Hezekias, na siyang ikasiam na taon ni Hosea na hari sa Israel, ang Samaria ay sinakop. **11** At dinala ng hari sa Asiria ang Israel sa Asiria at mga inilagay sa Hialah, at sa Habor, sa ilog ng Gozan, at sa mga ciudad ng mga Mede: **12** sapagka't hindi nila sinunod ang voces ng PANGINOONG kanilang Dios, kungdi kanilang sinalangang ang kaniyang tipan, ang lahat na iniutos ni Moises na lingkod ng PANGINOON, at hindi dininig, o ginawa man.

**13** Ng ikalabing apat na taon nga ng haring Hezekias ay sumampa si Senakerib na hari sa Asiria laban sa lahat na mga ciudad na nakukutaan sa Juda, at mga sinakop. **14** At si Hezekias na hari sa Juda ay nagsugo sa hari sa Asiria sa Lakis, na nagsabing: Ako'y nangalit; magbalik ka sa akin: ang iyong ipabayad sa akin ay aking babayaran. At siningil ng hari sa Asiria si Hezekias na hari sa Juda ng tatlong daang talentong pilak at tatlong puong talentong ginto. **15** At ibinigay ni Hezekias ang lahat na pilak na nasumpungan sa bahay ng PANGINOON, at sa mga kayamanan ng bahay ng hari. **16** Ng panahong yaon ay inihawalay ni Hezekias ang ginto sa mga piintuan ng templo ng PANGINOON, at sa mga haligi na ibinalot ni Hezekias na hari sa Juda, at ibinigay sa hari sa Asiria. **17** At sinugo ng hari sa Asiria si Tartan at si Rab-saris, at si Rabsakes, sa haring kay Hezekias na mula sa Lakis na may malaking kawal sa Jerusalem. At sila'y sumampa at napa-

roon sa Jerusalem. At ng sila'y makasampa, sila'y naparoon at tumayo sa tabi ng agusan ng tubig ng mataas na tipunan ng tubig na nasa maluang na daan sa purang ng batanero. **18** At ng sila'y tumawag sa hari, lumabas sa kanila si Eliakim na anak ni Hilcias, na siyang tagapamahala ng bahay, at si Sebna na kalihim, at si Joah na anak ni Asaf na tagapagpaalala. **19** At sinabi ni Rabsakes sa kanilang: Sabihin ninyo ngayon kay Hezekias: Ganito ang sabi ng dakilang hari, ng hari sa Asiria: ; Anong pag-asa ito na iyong inaasahan? **20** Iyong sinasabi, nguni't mga salitang walang kabululan lamang; *May* payo at kalakasan para sa pagbabaka. Ngayon, ; kanino ka umaasa, na ikaw ay nanghimagsik laban sa akin? **21** Ngayon, narito, ikaw ay umaasa sa tungkod na ito na kahoy na lapok, sa Egipto; na kung sino man ay sumandal, papasok sa kaniyang kamay, at palalagpasan: gayon si Faraong hari sa Egipto sa lahat na umaasa sa kaniya. **22** Nguni't kung inyong sabihin sa aking: Kami ay umaasa sa PANGINOONG aming Dios; ; hindi ba siya'y yang inalisan ni Hezekias ng mga mataas na lugar, at ng mga altar, at nagsabi sa Juda at sa Jerusalem: Kayo'y sasamba sa harap ng altar na ito sa Jerusalem? **23** Isinasamo ko nga ngayon sa iyo na magbigay ka ng mga sanla sa aking panginoon na hari sa Asiria, at bibigyan kita ng dalawang libong kabayo, kung ikaw makapaglalong sa ganang iyo ng mga mangangabayo sa mga yaon. **24** ; Paano ngang iyong mapapipihit ang mukha ng isang kapitan sa pinakamababa sa mga lingkod ng aking panginoon, at iyong inilagay ang iyong pag-asa sa Egipto dahil sa mga karro at sa mga mangangabayo? **25** ; Ako ba'y sumampa na di ko kasama ang PANGINOON laban sa lugar na ito upang lipulin? Sinabi ng PANGINOON sa aking: Ikaw ay sumampa laban sa lupaing ito, at iyong lipulin. **26** Ng magkagayo'y sinabi ni Eliakim na anak ni Hilcias, at ni Sebna, at ni Joah, kay Rabsakes: Isinasamo ko sa iyo na magsalita ka sa iyong mga alipin ng wikang Syria; sapagka't aming nalalaman; at huag kang magsalita sa amin ng wikang Judio, sa mga paking ng bayan na nasa kuta. **27** Nguni't sinabi ni Rabsakes sa kanilang: ; Sinugo ba ako ng aking panginoon sa iyong panginoon, at sa iyo, upang salitain ang mga salitang ito? ; di ba *niya* ako sinugo sa mga lalaki



na nakaupo sa kuta, upang kumain ng kanilang sariling dumi, at upang uminom ng kanilang sariling ibi na kasalo ninyo? **28** Ng magkagayo'y si Rabsakes ay tumayo at sumigawo ng malakas na voces sa wikang Judio, at nagsalita, na sinabing: Dingin ninyo ang salita ng dakilang hari, ng hari sa Asiria. **29** Ganito ang sabi ng hari: Huag kayong dayain ni Hezekias; sapagka't hindi niya kayo maililigtas sa kaniyang kamay: **30** o paasahin man kayo ni Hezekias sa PANGINOON, na sabihing: Walang pag-salang ililigtas tayo ng PANGINOON, at ang ciudad na ito ay hindi mabibigay sa kamay ng hari sa Asiria. **31** Huag ninyong dingin si Hezekias: sapagka't ganito ang sabi ng hari sa Asiria: Makipag-payapaan kayo sa akin, at labasin ninyo ako; at kumain ang bawata isa sa inyo ng kaniyang puno ng uvas, at ang bawata isa ng kaniyang puno ng higos, at inumin ng bawata isa sa inyo ang mga tubig ng kaniyang sariling balon; **32** hangang sa ako'y dumating at dalhin ko kayo sa isang lupaing gaya ng inyong sariling lupain, na lupain ng trigo at ng alak, na lupain ng tinapay at ng mga uvasan, na lupain ng langis, ng olivo, at ng pulot, upang kayo'y mabuhay at huag mamatay: at huag ninyong dingin si Hezekias, pagka kayo'y hinihikayat niya, na sinasabing: Ililigtas tayo ng PANGINOON. **33** Nagligtas ba kailan man ang sino man sa mga dios sa mga nasyon ng kaniyang lupain sa kamay ng hari sa Asiria? **34** Saan nandoon ang mga dios ng Hamat at ng Arpad? Saan nandoon ang mga dios ng Sefarvaim, ng Hena, at ng Ivva? Ililigtas ba nila ang Samaria sa aking kamay? **35** Sino sa kanila sa lahat na dios ng mga lupain, na nagligtas ng kanilang lupain sa aking kamay, na ililigtas ng PANGINOON ang Jerusalem sa aking kamay? **36** Ngunit' ang bayan ay tumahimik, at hindi sumagot ng kahit isang salita: sapagka't utos ng hari, na sinabing: Huag ninyong sagutin siya. **37** Ng magkagayo'y naparoon si Eliakim na anak ni Hilkias, na siyang tagapamahala sa bahay, at si Sebnah na kalihim, at si Joah na anak ni Asaf na tagapagpaalala, kay Hezekias na ang kanilang damit ay hapak, at isinaysay sa kaniya ang mga salita ni Rabsakes.

**19** At nangyari, ng marinig ng haring Hezekias, na hinapak niya ang kaniyang mga suot, at nagbalot ng kayong magaspang, at nasok sa bahay ng PAN-

NOON. **2** At kaniyang sinugo si Eliakim, na nasa pamamahala sa bahay, at si Sebnah na kalihim, at ang mga matanda sa mga sacerdote na may mga balot na kayong magaspang, kay Isaias na profeta na anak ni Amoz. **3** At sinabi nila sa kaniyang: Ganito ang sabi ni Hezekias: Ang araw na ito ay araw ng kabagabagan, at ng pagsaway, at ng pagkutya: sapagka't ang mga anak ay dumating sa kapanganakan, at walang kalakasang ilabas. **4** Marahil ay didingin ng PANGINOONG iyong Dios ang lahat ng salita ni Rabsakes, na siyang sinugo ng kaniyang panginoon na hari sa Asiria upang tungayawin ang buhay na Dios, at sasansalain ang mga salita na narinig ng PANGINOONG iyong Dios: kaya't ilakas mo ang iyong dalangin dahil sa labis na natitira. **5** Sa gayo'y ang mga lingkod ng haring Hezekias ay naparoon kay Isaias. **6** At sinabi ni Isaias sa kanilang: Ganito ang inyong sasabihin sa inyong panginoon: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Huag kang matakot sa mga salita na iyong narinig, na ipinanungayaw sa akin ng mga lingkod ng hari sa Asiria. **7** Narito, ako'y maglalagay ng espiritu sa kaniya, at siya'y makakarinig ng ingay, at magbabalik sa kaniyang sariling lupain; at aking ipabubual siya sa pamamagitan ng tabak sa kaniyang sariling lupain. **8** Sa gayo'y nagbalik si Rabsakes, at nasumpungan ang hari sa Asiria na nakikipagbaka laban sa Libna: sapagka't narinig niya na kaniyang nilisan ang Lakis. **9** At ng kaniyang marinig na sabihin ang tungkol kay Tirhaka na hari sa Etiopia: Narito, siya'y lumabas upang bumaka laban sa iyo: siya'y nagsugo ng mga sugo uli kay Hezekias, na nagsabing: **10** Ganito ang inyong sasalitain kay Hezekias na hari sa Juda, na sasabihing: Huag kang dayain ng Dios sa iyong inaasahan, na sabihing: Ang Jerusalem ay hindi mabibigay sa kamay ng hari sa Asiria. **11** Narito, narinig mo ang ginawa ng mga hari sa Asiria sa lahat ng lupain, sa paglipol sa kanila na lubos: at maliligtas ka ba? **12** Ililigtas ba sila ng mga dios ng mga nasyon na siyang nilipol ng aking mga magulang, gaya ng Gozan, at ng Haran, at ng Refef, at ng mga anak ng Eden na mga nasa Telasar? **13** Saan nandoon ang hari sa Hamat, at ang hari sa Arpad, at ang hari sa ciudad ng Sefarvaim, sa Hena, at sa Ivva? **14** At tinanggap ni Hezekias ang sulat sa kamay ng mga sugo, at binasa: at sumampa si

Hezekias sa bahay ng PANĠNOON, at binuklat sa harap ng PANĠNOON. **15** At si Hezekias ay dumalangin sa harap ng PANĠNOON, at nagsabing: Oh PANĠNOON, Dios ng Israel, na nanupo sa mga kerubin, ikaw ang Dios, ikaw lamang sa lahat ng kaharian sa lupa; ikaw ang lumikha ng langit at sa lupa. **16** Ikiling mo ang iyong pakinig. Oh PANĠNOON, at iyong dingin; Idilat mo ang iyong mga mata Oh PANĠNOON at tumingin ka: at dingin mo ang mga salita ni Senakerib, na kaniyang ipinasugo upang ipanungayaw sa bahay na Dios. **17** Sa katotohanan, PANĠNOON, sinira ng mga hari sa Asiria ang mga nasyon, at ang kanilang lupain, **18** at inihagis ang kanilang mga dios sa apoy: sapagka't sila'y hindi mga dios, kundi gawa ng mga kamay ng mga tawo, kahoy at bato; kaya't kanilang mga nilipol. **19** Ngayon nga, Oh PANĠNOONG aming Dios, iligtas mo kami, ipinasamo ko sa iyo, sa kaniyang kamay, upang makilala ng lahat na kaharian sa lupa na ikaw ang PANĠNOONG Dios, ikaw lamang.

**20** Ng makagayo'y nagsugo si Isaias na anak ni Amoz kay Hezekias, na nagsabing: Ganito ang sabi ng PANĠNOON, ng Dios ng Israel: Sa paraang ikaw ay dumalangin sa akin laban kay Senakerib na hari sa Asiria, dininig kita. **21** Ito ang salita na sinalita ng PANĠNOON tungkol sa kaniya: Niwalang kabuluhan ka ng anak na dalaga ng Zion at tinatawanan ka, iginatlaw ang kaniyang ulo ng anak na babaye ng Jerusalem sa iyo. **22** Sino ang iyong pinulaan at tinungayaw? at laban kanino itinaas mo ang iyong vices at ipinandilat mo ang iyong mga mata ng mataas? laban sa Santo ng Israel. **23** Sa pamamag-itan ng iyong mga sugo ay iyong pinulaan ang PanĠnoon, at nagsabing: Sa karamihan ng aking mga karro ako'y nakasampa sa kataasan ng mga bundok, sa mga kaloobloobang bahagi ng Lebano; at aking ibubual ang mga mata-yong na cedro noon, at ang mga piling puno ng abeto noon: at ako'y papasok sa kaniyang pinakamalayang tuluyan, na gubat ng kaniyang mabungang bukid. **24** Ako'y humukay at uminom ng tubig ng iba't ibang lupain, at aking tutuyuin ang lahat na ilog ng Egipto ng talampakan ng aking mga paa. **25** Hindi mo ba narinig kung paanong aking ginawa na malaon na, at aking inakala ng una? ngayo'y aking pinapangyari, upang mangyari na

iyong sirain ang mga ciudad na nakuku-taan sa mga wasak na bantun. **26** Kaya't ang kanilang mga macanahan ay may munting kapangyarihan, sila'y nanganglu-payray at nangatuhig; sila'y gaya ng damo sa bukid, at ng sariwang gogulayin, na gaya ng damo sa mga pulapo, at gaya ng trigo na lanta bago nakalaki. **27** Ngunit talastas ko ang iyong pag-upo, at ang iyong paglabas, at ang iyong pag-pasok, at ang iyong galit laban sa akin. **28** Dahil sa iyong galit laban sa akin, at dahil sa iyong kagilasan ay sumampa sa aking mga pakinig; kaya't aking ikakawit ang aking taga sa iyong ilong at ang aking paningkaw sa iyong mga labi, at itabalik kita sa daan na iyong pinangalingan. **29** At ito ang magiging tanda sa iyo: ikaw ay kakain sa taong ito ng tumutubo sa sarili, at sa ikalawang taoy ang tumubo doon; at sa ikatlong taon ay kayo'y maghasik, at umani, at magtanim ng mga uvasan, at kanin ninyo ang bunga noon. **30** At ang nalabi na nakataanan sa bahay ng Juda ay mag-uugat uli sa ilalim, at magbubunga sa itaas. **31** Sapagka't sa Jerusalem ay lalabas ang nalabi, at sa bundok ng Zion ay silang makataanan: tutuparin ito ng sikap ng PANĠNOON. **32** Kaya't ganito ang sabi ng PANĠNOON, tungkol sa hari sa Asiria: Siya'y hindi pa-ririto sa ciudad na ito, o magpapahilagpas man ng pana diy-an, o haharap man siya diy-an na may kalasag, o mahahagis ang bundok laban doon. **33** Sa daang kaniyang pinangalingan, doon din siya babalik, at hindi siya darating sa ciudad na ito, sabi ng PANĠNOON. **34** Sapagka't aking ipagsasalangang ang ciudad na ito, upang iligtas, dahil sa akin at dahil sa aking aliping si David.

**35** At nangyari, ng gabing yaon na ang angel ng PANĠNOON ay lumabas at sumugat sa kamento ng mga taga Asiria ng isang daan at walong puot limang libo: at ng ang mga tawo ay magbangang maaga sa kinaumagahan, narito, na lahat ay mga katawang patay. **36** Sa gayo'y yumaon si Senakerib na hari sa Asiria, at naparoon, at nagbalik, at tumahan sa Nineve. **37** At nangyari, ng siya'y sumasamba sa bahay ni Nisrok na kaniyang dios, na sinugatan siya ng tabak ni Adramelek at ni Sazerer: at sila'y tumakas na patungo sa lupain ng Ararat. At si Esarhadon na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**20** Ng mga araw na yaon ay may sa-  
kit na ikamamatay si Hezekias.  
At si Isaias na profeta na anak ni Amoz  
ay naparoon sa kaniya, at nagsabi sa ka-  
niyang: Ganito ang sabi ng PANGINOON:  
Ayusin mo ang iyong bahay; sapagka't  
ikaw ay mamamatay, at hindi mabubuhay.  
**2** Ng magkagayo'y kaniyang ipinihiti ang  
kaniyang mukha sa panig ng bahay, at na-  
nalanġin sa PANGINOON, na nagsabing:  
**3** Isinasamo ko sa iyo, Oh PANGINOON,  
na iyong alalahanin, kung paanoong ako'y  
lumakad sa harap mo sa katotohanan, at  
may dalisay na puso, at gumawa ng ma-  
buti sa iyong paningġin. At si Hezekias  
ay umiyak na mainam. **4** At nangyari,  
bago si Isaias ay lumabas sa pinakaloob  
ng ciudad, na ang salita ng PANGINOON  
ay dumating sa kaniya, na nagsabing:  
**5** Magbalik ka uli at sabihin mo kay  
Hezekias na pangulo sa aking bayan:  
Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios  
ni David na iyong magulang: Aking  
narinig ang iyong panalangġin, aking na-  
kita ang iyong mga luha: narito, aking  
pagagalġing ka: sa ikatlong araw ay  
sasampa ka sa bahay ng PANGINOON.  
**6** At aking idadagdag sa iyong mga araw  
ay labing limang taon; at aking illigtas  
ka at ang ciudad na ito sa kamay ng  
hari sa Asiria; at aking ipagsasangkalang  
ang ciudad na ito dahil sa aking, at dahil  
sa aking aliping si David. **7** At sinabi ni  
Isaias: Kayo'y kumuha ng isang bun-  
tong higos. At sila'y kumuha, at inila-  
gay sa sinibulan at siya'y gumaling:  
**8** At sinabi ni Hezekias kay Isaias: ġ Anong  
magiging tanda na ako'y pagagalġing  
ng PANGINOON, at ako'y sasampa sa  
bahay ng PANGINOON sa ikatlong araw?  
**9** At sinabi ni Isaias: Ito ang magiging  
tanda sa iyo na mula sa PANGINOON, na  
gagawin ng PANGINOON ang bagay na  
kaniyang sinalita: ġ magpapauna ba ang  
anino ng sampuon grado, o magpapahuli  
ng sampuon grado? **10** At sumagot si  
Hezekias: Magaang bagay sa anino na  
kumiling ng sampuon grado: hindi,  
kungdi pahulihin ang anino ng sampuon  
grado. **11** At si Isaias na profeta ay  
humiyaw sa PANGINOON: at kaniyang  
pinapagpahuli ang anino ng sampuon  
grado, na nakababa na sa orasan ni Ahaz.  
**12** Ng panahong yaon ay si Berodak-  
baladan, na anak ni Baladan, na hari sa  
Babilonia, ay nagpadala ng mga sulat at  
ng kaloob kay Hezekias: sapagka't kani-  
yang narinig na si Hezekias ay nagkasakit.

**13** At dininig ni Hezekias sila, at ipinakita  
sa kanila ang boong bahay ng kaniyang  
mabalagang mga bagay, ang pilak, at ang  
ginto, at ang mga pabango, at ang maha-  
lagang langis, at ang bahay na taguan ng  
kaniyang sakbat, at ang lahat na nasusump-  
ungan sa mga kayamanan niya: walang  
ano man sa kaniyang bahay, o sa boong  
kaniyang sakop, na hindi ipinakita sa  
kanila ni Hezekias. **14** Ng magkagayo'y  
naparoon si Isaias na profeta sa haring  
Hezekias, at nagsabi sa kaniyang: ġ Anong  
sinasabi ng mga lalaking ito? ġ at saan  
nagsipangaling na napasa iyo? At sinabi  
ni Hezekias: Sila'y nangaling sa mala-  
yong lupain, sa Babilonia. **15** At kani-  
yang sinabing: ġ Anong kanilang nakita  
sa iyong bahay? At sumagot si Hezekias:  
Lahat na nasa aking bahay ay kanilang  
nakita: walang ano mang bagay na nasa  
aking mga kayamanan na di ko ipinakita  
sa kanila. **16** At sinabi ni Isaias kay  
Hezekias: Dingin mo ang salita ng PA-  
NGINOON. **17** Narito, ang mga araw ay  
dumarating, na ang lahat na nasa iyong  
bahay, at ang itinago ng iyong mga ma-  
gulang hangang sa araw na ito, dadalhin  
sa Babilonia: walang maiwan, sabi ng  
PANGINOON. **18** At ang ilan sa iyong  
mga anak na magmumula sa iyo na iyong  
ipanganganak, sila'y dadalhin; at mga  
magiging bating sa palacio ng hari sa  
Babilonia. **19** Ng magkagayo'y sinabi ni  
Hezekias kay Isaias: Mabuti ang salita ng  
PANGINOON na iyong sinalita. Kaniyang  
sinabi, bukod dito: ġ Hindi ba gayon, kung  
kapayapaan at katotohanan ay magiging  
sa aking mga araw? **20** Ang iba nga  
sa mga gawa ni Hezekias, at ang bo-  
niyang kapangyarihan, at kung paano  
niyang ginawa ang tipunan ng tubig, at  
ang agusan, at nagdala ng tubig sa  
ciudad, ġ hindi ba mga nasusulat sa libro  
ng mga alaala sa mga hari sa Juda?  
**21** At natulog si Hezekias na kasama ng  
kaniyang mga magulang: at si Manases  
na kaniyang anak ay naghari na kahalili  
niya.

**21** Si Manases ay may labing dalawang  
taon ng magpasimulang maghari;  
at siya'y nagharing limang puot limang  
taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng  
kaniyang ina ay Hefzi-ba. **2** At siya'y  
gumawa ng masama sa paningġin ng PA-  
NGINOON, ayon sa mga kasuklamsuklam  
ng mga walang Dios, na pinalayas ng  
PANGINOON sa harap ng mga anak ng  
Israel. **3** Sapagka't kaniyang itinayo uli

ang mĀgā mataas na lugar na iginiba ni Hezekias na kaniyang ama; at kaniyang ipinagtayo ng mĀgā altar si Baal, at gumawa ng Ashera, gaya ng ginawa ni Ahab na hari sa Israel, at sumamba sa lahat ng hukbo sa langit, at naglingkod sa kanila.

**4** At siya'y nagtayo ng mĀgā altar sa bahay ng PANĠINOON, na pinagsabihan ng PANĠINOONG: Sa Jerusalem ay ilalagay ko ang aking pangalan.

**5** At kaniyang ipinagtayo ng mĀgā altar para sa lahat ng hukbo sa langit sa dalawang looban ng bahay ng PANĠINOON.

**6** At kaniyang pinaraan ang kaniyang anak sa apoy, at gumamit ng pamahin, at nagsanay ng panghuhula, at nakikipagsangunian sa mga may espiritu pitoniko, at sa mga magiko: siya'y gumawa ng maraming kasam-an sa paningin ng PANĠINOON, upang mungkahiin niya siya sa galit.

**7** At siya'y naglagay ng larawang hinichurahan na Ashera, na kaniyang ginawa, sa bahay, na pinagsabihan ng PANĠINOON kay David, at kay Solomon na kaniyang anak: Sa bahay na ito, at sa Jerusalem, na aking pinili sa lahat na angkan ng Israel, aking ilalagay ang aking pangalan magpakailan man:

**8** at hindi ko na pagagalain pa ang mga paa ng Israel sa labas ng lupain na aking ibinigay sa kanilang mĀgā magulang; kung kanila lamang tutuparing gam in ang ayon sa lahat na aking iniutos sa kanila, at ayon sa boong kautusan na iniutos sa kanila ng aking aliping si Moises.

**9** Ngunit hindi nila dininig: at hinikayat sila ni Manases na gumawa ng lalong masama kay sa ginawa ng mĀgā nasyon, na mĀgā nilipol ng PANĠINOON sa harap ng mĀgā anak ng Israel.

**10** At ang PANĠINOON ay nagsalita sa pamamag-itan ng kaniyang mĀgā lingkod na mĀgā profeta, na nagsabing:

**11** Sapagka't ginawa ni Manases na hari sa Juda ang mĀgā kasukiamsuklan na ito, at gumawa ng kasam-an na higit kay sa lahat na ginawa ng mĀgā Amorreo, na una sa kaniya, at pinapagkasala ang Juda nanan sa pamamag-itan ng kaniyang mĀgā idolo:

**12** kaya't ganito ang sabi ng PANĠINOON, ng Dios ng Israel: Narito, aking dadalhin ang ganiyang kasam-an sa Jerusalem at sa Juda, na sino mang makarinig, ang dalawang tainga ay magpupanting.

**13** At aking iuunat sa ibabaw ng Jerusalem ang panukat ng Samaria, at ang pabato ng bahay ni Ahab: at aking tutuyuin ang Jerusalem gaya ng pagtuyo ng isang tawo ng isang pingan, na tinutuyo at itinataob.

**14** At aking ihihawalay ang nalabi sa aking mana, at aking mĀgā ibinigay sa kamay ng kanilang mĀgā kaaway: at sila'y magiging bilag at samsam sa lahat nilang kaaway;

**15** sapagka't kanilang ginawa ang masama sa aking paningin, at minungkahi nila ako sa galit, mula ng araw na ang kanilang mĀgā magulang ay lumabas sa Egipto, hangang sa araw na ito.

**16** Bukod dito'y nagbubo si Manases na mainam ng dugong walang sala, hangang sa kaniyang napuno ang Jerusalem mula sa i-ang dulo hangang sa kabila; bukod sa kaniyang sala na kaniyang ipinapagkasala sa Juda, sa paggawa ng masama sa paningin ng PANĠINOON.

**17** Ang iba nga sa mĀgā gawa ni Manases, at ang lahat niyang ginawa, at ang sala na kaniyang ipinagkasala, ¿di ba mĀgā nasusulat sa libro ng mĀgā alaala sa mĀgā hari sa Juda?

**18** At si Manases ay natulog na kasama ng kaniyang mĀgā magulang, at nalibing sa halamanan ng kaniyang sariling bahay, sa halamanan ng Uzza: at si Amon na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**19** Si Amon ay may dalawang puot dalawang taon ng siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing dalawang taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Mesulemet na anak ni Haruz na taga Jotba.

**20** At kaniyang ginawa ang masama sa paningin ng PANĠINOON, gaya ng ginawa ni Manases na kaniyang ama.

**21** At siya'y lumakad ng boong lakad na inilakad ng kaniyang ama, at naglingkod sa mĀgā idolo na pinaglingkurang ng kaniyang ama, at mĀgā sinamba niya:

**22** at binayaan ang PANĠINOON, ang Dios ng kaniyang mĀgā magulang, at hindi lumakad sa daan ng PANĠINOON.

**23** At ang mĀgā lingkod ni Amon ay nagbanta laban sa kaniya, at pinatay ang hari sa kaniyang sariling bahay.

**24** Ngunit pinatay ng bayan ng lupain ang lahat na nagbanta laban sa haring Amon; at ginawang hari ng bayan ng lupain si Josias na kaniyang anak na kahalili niya.

**25** Ang iba nga sa mĀgā gawa ni Amon na kaniyang ginawa, ¿di ba mĀgā nasusulat sa libro ng mĀgā alaala sa mĀgā hari sa Juda?

**26** At siya'y walibing sa kaniyang libingan sa halamanan ng Uzza: at si Josias na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**22** Si Josias ay may walong taon ng magpasimulang maghari; at siya'y nagharing tatlong puot isang taon sa

Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Jedida na anak ni Adaya na taga Bozkat. **2** At kaniyang ginawa ang matuid sa mga mata ng PANGINOON, at lumakad ng boong lakad ni David na kaniyang magulang, at hindi lumiko sa kanan o sa kaliwa.

**3** At nangyari, sa ikalabingwalong taon ng haring Josias, na sinugo ng hari si Safan na anak ni Azalia, na anak ni Mesullam, na kalihim, sa bahay ng PANGINOON, na sinabing: **4** Sampahin mo si Hilkiyas na dakilang sacerdote, upang kaniyang bilangin ang salapi na ipinasok sa bahay ng PANGINOON, na pinisan ng tagapag-ingat ng pintuan sa bayan: **5** at mga ibigay sa kamay ng mga mangagawa na siyang tumitingin ng gagawin sa bahay ng PANGINOON; at ibigay sa mga mangagawa na nasa bahay ng PANGINOON, upang husayin ang mga sira ng bahay; **6** sa mga anloagi, at sa mga mangagawa, at sa mga manghihichura ng bato; at sa pagbili ng kahoy, at ng batong hinichurahan upang husayin ang bahay. **7** Gayon ma'y walang paghuhusay na ginawa sila sa kanila sa salapi na nabigay sa kanilang kamay; sapagka't kanilang ginawang may pagtatapat. **8** At si Hilkiyas na dakilang sacerdote ay nagsabi kay Safan na kalihim: Aking nasumpungan ang libro ng kautusan sa bahay ng PANGINOON. At ibinigay ni Hilkiyas ang libro kay Safan, at kaniyang binasa. **9** At si Safan na kalihim ay napaaroon sa hari, at nagbalik ng salita sa hari, at nagsabing: Tinuyo ng iyong mga lingkod ang salapi na nasumpungan sa bahay, at ibinigay sa kamay ng mga mangagawa na siyang tumitingin ng gagawin sa bahay ng PANGINOON. **10** At isinaysay ni Safan na kalihim, sa hari na sinabing: Si Hilkiyas na sacerdote ay nagbigay sa akin ng isang libro. **11** At binasa ni Safan sa harap ng hari. At nangyari, ng marinig ng hari ang mga salita ng libro ng kautusan, na kaniyang hinapak ang kaniyang mga suot. **12** At ang hari ay nag-utos kay Hilkiyas na sacerdote, at kay Ahikam na anak ni Safan, at kay Akbor na anak ni Mikaya, at kay Safan na kalihim, at kay Asaya na lingkod ng hari, na sinabing: **13** Kayo'y yumaon, isanguni ninyo sa PANGINOON, ako at ang bayan, at ang boong Juda, tungkol sa mga salita ng librong ito na nasumpungan: sapagka't malaki ang pag-iinit ng PANGINOON na nabuhos sa atin, sapagka't hindi dininig ng ating mga

magulang ang mga salita ng librong ito, upang gawin ang ayon sa lahat na nasusulat tungkol sa atin. **14** Sa gayo'y si Hilkiyas na sacerdote, at si Ahikam, at si Akbor, at si Safan, at si Asaya, ay napaaroon kay Hulda na profetisa, na asawa ni Sallum na anak ni Tikva na anak ni Harhas, na tagapamahala ng kasuotan; (siya nga'y tumatahan sa Jerusalem sa ikalawang bahagi;) at sila'y nakipag-sangunian sa kaniya. **15** At sinabi niya sa kanilang: Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel: Saysayin ninyo sa lalaki na nagsugo sa inyo sa aking: **16** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, ako'y magdadala ng kasam-an sa lugar na ito, at sa mga mananahan dito, lahat na salita ng libro na nabasa ng hari sa Juda: **17** sapagka't kanilang pinabayaan ako, at nagsunog ng kamanyan sa ibang mga dios, upang ipamungkahi nila ako sa galit ng lahat na gawa ng kanilang mga kamay: kaya't ang aking pag-iinit ay nabuhos sa lugar na ito, at hindi mapapatay. **18** Ngunit sa hari sa Juda, na nagsugo sa inyo upang mag-usisa sa PANGINOON, ganito ang sasabihin ninyo sa kaniya: Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel: Tungkol sa mga salita na iyong narinig, **19** sapagka't ang iyong puso ay malambot, at ikaw ay nagpakababa sa harap ng PANGINOON, ng iyong marinig ang aking sinalita laban sa lugar na ito, at laban sa mga mananahan dito na sila'y magiging kabiguan, at sumpa, at hinapak mo ang iyong kasuotan, at umiyak sa harap ko: dininig naman kita, sabi ng PANGINOON. **20** Kaya't narito, pipisanin kita sa iyong mga magulang, at ikaw ay mapipisan sa iyong libingan na payapa, at hindi makikita ng iyong mga mata ang lahat ng kasam-an na aking dadalhin sa lugar na ito. At sila'y nagbalik ng salita sa hari.

**23** At ang hari ay nagsugo, at pinisan nila sa kaniya ang lahat na matanda sa Juda, at sa Jerusalem. **2** At sumampa ang hari sa bahay ng PANGINOON, at ang lahat na lalaki sa Juda, at ang lahat na mananahan sa Jerusalem na kasama niya, at ang mga sacerdote, at ang mga profeta, at ang boong bayan, maliit at gayon din ang malaki: at kanilang bina-a sa kanilang mga pakinig ang lahat na salita ng libro ng tipan na nasumpungan sa bahay ng PANGINOON. **3** At ang hari ay tumayo sa tabi ng baligi, at gumawa ng tipan sa harap ng PANGINOON, upang lu-

makad ng ayon sa PANGINOON, at upang ingatan ang kaniyang mga utos, at ang kaniyang mga patotoo, at ang kaniyang mga palatuntunan, ng boong puso at ng boong kaluluwa, upang tuparin ang mga salita ng tipung ito na nasusulat sa librong ito: at ang boong bayan ay tumatayo sa tipan. **4** At inutusan ng hari si Hilkias na dakilang sacerdote, at ang mga sacerdote sa ikalawang hanay, at ang mga tagapag-ingat ng pintuan, na ilabas sa templo ng PANGINOON ang lahat na mga kasangkapan na mga ginawa para kay Baal, at para sa Ashera, at para sa lahat na hukbo sa langit; at kaniyang mga sinunog sa labas ng Jerusalem sa mga parang ng Kidron, at dinala ang mga abo noon sa Bet-el. **5** At kaniyang mga ibinagsak ang mga sacerdote ng mga idolo na mga inihalal ng mga hari sa Juda na nagpasunog ng kamayanan sa mga mataas na lugar sa mga ciudad sa Juda, at sa mga lugar na nasa palibot ng Jerusalem; pati silang nagusunog ng kamayanan kay Baal, sa araw, at sa buwan, at sa mga tala, at sa lahat na hukbo sa langit. **6** At kaniyang inilabas ang Ashera sa bahay ng PANGINOON, sa labas ng Jerusalem sa latis ng Kidron, at sinunog sa batis ng Kidron, at dinikdik na pino sa pukpok, at inihagis ang mga pukpok doon sa libingan ng karaniwang bayan. **7** At kaniyang ibinagsak ang mga bahay ng mga sodomita, na nasa bahay ng PANGINOON, na pinagtatahan ng mga tabing ng mga babaye para sa Ashera. **8** At dinala ang lahat na mga sacerdote mula sa mga ciudad ng Juda, at dinumhan ang mga mataas na lugar, sa pinagsusunugan ng mga sacerdote ng kamayanan, mula sa Geba hangang sa Beer-seba; at kaniyang ibinagsak ang mga mataas na lugar ng mga pintuang-daan na nasa pasukan ng pintuang-daan ni Josue, na gobernador sa ciudad, na nasa kaliwa ng pasukan sa pintuang-daan ng ciudad. **9** Gayon may ang mga sacerdote sa mga mataas na lugar ay hindi sumampa sa altar ng PANGINOON sa Jerusalem, kungdi sila'y kumain ng tinapay na walang lewadura sa gitna ng kanilang mga kapatid. **10** At kaniyang dinumhan ang Tofet, na nasa libis ng mga anak ni Hinnom, upang huag paraanin ng sino man ang kaniyang anak na lalaki o babaye sa apoy sa Molek. **11** At kaniyang inalis ang mga kabayo na mga ibinigay ng hari sa Juda sa araw, sa pasukan ng bahay ng PANGINOON, sa si-

ping ng silid ni Natan-melek na kamarero, na nasa looban; at sinunog niya ng apoy ang mga karro ng araw. **12** At ang mga altar na nasa pulupo ng mataas na silid ni Ahaz, na ginawa ng mga hari sa Juda, at ang mga altar na ginawa ni Manases sa dalawang looban ng bahay ng PANGINOON, mga ibinagsak ng hari, at mga iginiba mula roon, at inihagis ang labok ng mga yaon sa batis ng Kidron. **13** At ang mga mataas na lugar na nasa harap ng Jerusalem, na nasa kanan ng bundok ng kapahamakan, na itinayo ng haring Solomon para kay Astoret, na kasuklamsuklam ng mga Zidonio, at para kay Kemos na kasuklamsuklam ng Moab, at para kay Milkom na kasuklamsuklam ng mga anak ni Ammon, dinumhan ng hari. **14** At kaniyang pinagpirapiraso ang mga haligi, at pinutol ang mga Ashera, at pinuno ang kanilang mga lugar ng mga buto ng tawo. **15** Bukod dito'y ang altar na nasa Bet-el, at ang mataas na lugar na ginawa ni Jeroboam, na anak ni Nebat, na nagpasala sa Israel, ang altar na yaon at ang mataas na lugar ay kaniyang ibinagsak; at kaniyang sinunog ang mataas na lugar at dinikdik na pino ng pamukpok, at sinunog ang Ashera. **16** At samantalang pumipihit si Josias, kaniyang tiniktikan ang mga libingan na mga nasa bundok; at siya'y nagsgugo, at kinuha ang mga buto sa mga libingan, at mga sinunog sa altar, at dinumhan, ayon sa salita ng PANGINOON na inihayag ng lalaki ng Dios, na siyang naghayag ng mga bagay na ito. **17** Ng magkagayoy'y kaniyang sinabing: ? Anong monumento yaong aking nakikita? At isinaysay ng mga lalaki sa ciudad sa kaniyang: Siyang libingan ng lalaki ng Dios, na nangaling sa Juda, at inihayag ang mga bagay na ito na iyong mga ginawa laban sa altar ni Bet-el. **18** At kaniyang sinabing: Bapang niya; huag galawin ng sino man ang mga buto niya. Sa gayo'y binayaan nila ang mga buto niya, na kasama ng mga buto ng profeta na nangaling sa Samaria. **19** At ang lahat na bahay namon ng mga mataas na lugar na nasa mga ciudad ng Samaria, na ginawa ng mga hari sa Israel upang mungkahin ang PANGINOON sa galit, mga inalis ni Josias, at ginawa sa mga yaon ang ayon sa lahat na mga gawa na kaniyang ginawa sa Bet-el. **20** At kaniyang pinatay ang lahat na sacerdote sa mga mataas na lugar na nangari-

doon, sa ibabaw ng mga altar, at sinunog ang mga buto ng mga tawo sa mga yaon; at siya'y nagbalik sa Jerusalem.

21 At iniutos ng hari sa boong bayan, na sinabing: Ipagdiwang niyo ang paskua sa PANGINOONG inyong Dios gaya ng nasusulat sa librong ito ng tipan. 22 Tunay na hindi ipinagdiwang ang gayong paskua mula sa mga araw ng mga hukom na humatol sa Israel, o sa labat ng mga araw man ng mga hari sa Israel, o ng mga hari man sa Juda; 23 kungdi ng ikalabing walong taon ng haring Josias ay ipinagdiwang ang paskuang ito sa PANGINOON sa Jerusalem. 24 Bukod dito'y sila na may mga espiritu pitoniko, at ang mga mangsasalamangka, at ang mga teraf, at ang mga idole, at ang lahat na kasuklamasuklam na natiktikan sa lupain ng Juda, at sa Jerusalem, mga inalis ni Josias, upang kaniyang matupad ang mga salita ng kautusan na nasusulat sa libro na nasumpungan ni Hilcias na sacerdote sa bahay ng PANGINOON. 25 At walang naging hari na gaya niya na una sa kaniya, na bumalik sa PANGINOON ng boong puso niya, at ng boong kaluluha niya, at ng boong kapangyarihan niya, ayon sa boong kautusan ni Moises; o may nagbangon mang sumunod sa kaniya na gaya niya. 26 Gayon ma'y ang PANGINOON ay hindi nagbalik na mula sa kabagsikan ng kaniyang malaking pag-iinit, na ipinag-alab ng kaniyang gait laban sa Juda, dahil sa lahat na pamumungkahi na iminungkahi ni Manases sa kaniya. 27 At sinabi ng PANGINOON: Akin ding babaguhin ang Juda sa aking paningin, gaya ng aking pagkabago sa Israel, at aking itatakuil ang ciudad na ito na aking pinili, ang Jerusalem, at ang bahay na aking pinagsabihang: Ang pangalan ko'y dooan. 28 Ang iba nga sa mga gawa ni Josias, at ang lahat na kaniyang ginawa, i di ba mga nasusulat sa libro ng mga alaala sa mga hari sa Juda? 29 Ng mga kaarawang ito si Faraon-neko na hari sa Egipto ay sumampa laban sa hari sa Asiria sa ilog Eufrates; at ang haring Josias ay naparoon laban sa kaniya; at pinatay niya siya sa Megido, ng maakita niya siya. 30 At dinala siyang patay ng kaniyang mga lingkod sa isang karro, mula sa Megido, at dinala siya sa Jerusalem, at inilibing siya sa kaniyang sariling libingan. At kinuha ng bayan sa lupain si Jehoahaz na anak ni Josias, at pinahiran

siya, at ginawa siyang hari na kahalili ng kaniyang ama.

31 Si Jehoahaz ay may dalawang puot'tatlong taon ng siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing tatlong buan sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Hamutal na anak ni Jeremias na taga Libna. 32 At kaniyang ginawa ang masama sa paningin ng PANGINOON ayon sa lahat na ginawa ng kaniyang mga magulang. 33 At inilagay ni Faraon-neko siya sa pangawan sa Ribla, sa lupain ng Hamat, upang siya'y huag makapaghari sa Jerusalem; at siningilan ang bayan ng isang daang talentong pilak, at isang talentong ginto. 34 At ginawa ni Faraon-neko si Eliakim na anak ni Josias na hari na kahalili ni Josias, na kaniyang ama, at pinalitan ang kaniyang pangalan ng Jehoiakim: nguni't kaniyang dinala si Jehoahaz; at siya'y naparoon sa Egipto, at namatay roon. 35 At ibinigay ni Jehoiakim ang pilak at ginto kay Faraon; nguni't kaniyang pinahalagahan ang lupain upang magbigay ng salapi ayon sa utos ni Faraon: kaniyang hiningi ang pilak at ginto ng bayan ng lupain, sa bawat isa ayon sa pagkahalaga tasa sa kaniya, upang ibigay kay Faraon-neko.

36 Si Jehoiakim ay may dalawang puot't limang taon ng magpasimulang maghari: at siya'y nagharing labing isang taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Zebida na anak ni Pedaya na taga Ruma. 37 At siya'y gumawa ng masama sa paningin ng PANGINOON, ayon sa lahat na ginawa ng kaniyang mga magulang.

24 Ng kaniyang mga araw ay sumampapa si Nebukadnezar na hari sa Babilonia, at si Jehoiakim ay naging kaniyang alipin na tatlong taon: ng magkagayo'y siya'y nagbalik at nanghimagsik laban sa kaniya. 2 At ang PANGINOON ay nagsugo laban sa kaniya ng mga pulutong ng mga Kaldeo, at ng mga pulutong ng mga taga Syria, at ng mga pulutong ng mga Moabita, at ng mga pulutong ng mga anak ni Ammon, at mga sinugo laban sa Juda upang lipulin, ayon sa salita ng PANGINOON, na kaniyang sinalita sa pamamagitan ng kaniyang mga lingkod na mga profeta. 3 Tunay na sa utos ng PANGINOON ay dumating ito sa Juda, upang baguhin sila sa kaniyang paningin, dahil sa mga kasalanan ni Manases, ayon sa lahat niyang ginawa; 4 at dahil naman sa walang salang dugo na kaniyang ibi-

nubo: sapagka't kaniyang pinuno ang Jerusalem ng walang salang dugo: at hindi pinatawad ng PANGINOON. **5** Ang iba nga sa mga gawa ni Jehoiakim, at ang lahat niyang ginawa, (di ba mga nasulat sa libro ng mga alaala sa mga hari sa Juda? **6** Sa gaya'y natulog si Jehoiakim na kasama ng kaniyang mga magulang: at si Jehoiakim na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya. **7** At ang hari sa Egipto ay hindi na nagbalik pa mula sa kaniyang lupain: sapagka't sinakop ng hari sa Babilonia, mula sa batis ng Egipto hangang sa ilog Eufrates, lahat na nauukol sa hari sa Egipto.

**8** Si Jehoiachin ay may labing walong taon ng siya'y magpasimulang maghari; at siya'y naghari sa Jerusalem na tatlong buan: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Nehusta na anak na babaye Elnatan na taga Jerusalem. **9** At siya'y gumawa ng masama sa paningin ng PANGINOON, ayon sa lahat na ginawa ng kaniyang ama. **10** Ng panahong yao'y ang mga lingkod ni Nebukadnezar, na hari sa Babilonia ay sumampa sa Jerusalem, at ang ciudad ay nakulong. **11** At Nebukadnezar, na hari sa Babilonia ay naparoon sa ciudad, samantalang ang kaniyang mga lingkod ay nakukulong; **12** at nilabas ni Jehoiachin na hari sa Juda ang hari sa Babilonia, niya, at ng kaniyang ina, at ng kaniyang mga lingkod, at ng kaniyang mga pangulo, at ng kaniyang mga oficial: at kinuha siya ng hari sa Babilonia sa ikawalang taon ng kaniyang pagbahari. **13** At dinala niya mula roon ang lahat na mga kayamanan ng bahay ng PANGINOON, at ang mga kayamanan ng bahay ng hari, at pinagpirapiraso ang lahat na kasangkapang ginto na ginawa ng haring Solomon sa templo ng PANGINOON, gaya ng sinabi ng PANGINOON. **14** At kaniyang dinala ang boong Jerusalem, at ang lahat na pangulo, at ang lahat na makapangyarihang lalaki na may tapang, sampung libong bihag, at ang lahat na mangagawa at mangbabakal; walang nalabi liban sa mga pinakadukha sa bayan ng lupain. **15** At dinala niya si Jehoiachin sa Babilonia; at ang ina ng hari, at ang mga asawa ng hari, at ang kaniyang mga oficial, at ang mga pinakamahal sa lupain, ay dinala niya sa pagkabiha sa Babilonia mula sa Jerusalem. **16** At ang lahat na makapangyarihang lalaki, pitong libo, at ang mga mangagawa at ang mga mangbabakal na isang libo, lahat na sa kanila ay ma-

lakas at matalino sa pakikipagbaka, mga dinalang bihag sa Babilonia ng hari. **17** At ginawa ng hari sa Babilonia na hari si Matanias na kapatid ng kaniyang ama na kahalili niya, at binago ang kaniyang pangalan ng Zedekias.

**18** Si Zedekias ay dalawang puot isang taon ng magpasimulang maghari; at siya'y nagharing labing isang taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Hamutal na anak ni Jeremias na taga Libna. **19** At siya'y gumawa ng masama sa paningin ng PANGINOON, ayon sa lahat na ginawa ni Jehoiakim. **20** Sapagka't sa panamagitan ng galit ng PANGINOON ay nangyari sa Jerusalem at sa Juda, hangang sa kaniyang mga itinaboy sa kaniyang harap: at si Zedekias ay nanghimagsik laban sa hari sa Babilonia.

**25** At nangyari sa ikasiam na taon ng kaniyang pagbahari sa ikasampung buan sa ikasampung araw ng buan, na si Nebukadnezar na hari sa Babilonia ay naparoon, siya at ang booniyang kawal, laban sa Jerusalem, at nagtayo ng kamento laban doon; at nagtayo sila ng mga kuta laban doon sa palibot. **2** Sa gayo'y nakulong ang ciudad hangang sa ikalabing isang taon ng haring Zedekias. **3** Ng ikasiam na araw ng ikaapat na buan ang kagutom ay lumala sa ciudad, na ano pat walang tinapay para sa bayan ng lupain. **4** Ng magkagayo'y gumawa ng isang butas sa kuta ng ciudad, at ang lahat na lalaking pangbaka ay tumakas ng kinagabihan sa daan ng pintuang-daan sa pagitan ng dalawang kuta, na nasa siping ng halamanan ng hari: (ang mga Kaldeo nga ay laban sa ciudad sa palibot:) at ang hari ay yumaon sa daan ng Araba. **5** Ngunit hinabol ng kawal ng mga Kaldeo ang hari, at inabutan nila siya sa mga kapatagan ng Jeriko: at ang booniyang kawal ay nangalat sa kaniya. **6** Ng magkagayo'y kinuha nila ang hari, at isinampa nila siya sa hari sa Babilonia sa Ribla; at sila'y nagbigay ng kahatulan sa kaniya. **7** At kanilang pinatay ang mga anak ni Zedekias, sa harap ng kaniyang mga mata, at inukit ang mga mata ni Zedekias, at siya'y ipinangaw, at dinala siya sa Babilonia.

**8** Ng ikalimang buan nga, ng ikapitang araw ng buan, na siyang ikalabing siam na taon ng haring Nebukadnezar, na hari sa Babilonia, naparoon si Nebuzardan na kapitan ng bantay, na lingkod ng



hari sa Babilonia, sa Jerusalem: 9 at kaniyang sinunog ang bahay ng PANĠINOON, at ang bahay ng hari; at ang lahat na bahay sa Jerusalem, baw't malaking bahay, sinunog niya ng apoy. 10 At ibinagsak ang mga kuta ng Jerusalem sa palibot, ng boong kawal ng mga Kaldeo, na mga nasa kapitan ng bantay. 11 At ang nalabi sa bayan na naiwan sa ciudad, at yaong mga humilig, na humilig sa hari sa Babilonia, at ang labi sa karamihan, dinalang bihag ni Nebuzaradan na kapitan ng bantay. 12 Ngunit iniwan ng kapitan ng bantay ang mga pinakadukha sa lupain upang maging mag-uuyas at magbukukid. 13 At ang mga haliging tanso na nasa bahay ng PANĠINOON, at ang mga tungtungan at ang dagat na tanso na nasa bahay ng PANĠINOON, ay pinagpirapiraso ng mga Kaldeo, at dinala ang tanso sa Babilonia. 14 At ang mga paliok, at ang mga pala, at ang mga gunting, at ang mga panandok at ang lahat na kasangkapan na tanso na kanilang ipinamamahala, kanilang dinala. 15 At ang mga apuyan, at ang mga mankok; na ang sa ginto, ay ginto, at ang sa pilak ay pilak, dinala ng kapitan ng bantay. 16 Ang dalawang haligi, ang dagat, at ang mga tungtungan, na ginawa ni Solomon para sa bahay ng PANĠINOON; ang tanso ng lahat ng mga kasangkapan ito ay walang timbang. 17 Ang taas ng isang haligi ay labing walong siko, at isang kapital na tanso ang nasa ibabaw noon: at ang taas ng kapital ay tatlong siko; na yaring lambat at mga granada sa ibabaw ng kapital sa palibot lahat ay tanso; at mayroong gaya ng mga ito ang ikalawang haligi na yaring lambat. 18 At kinuha ng kapitan ng bantay si Seraya na dakilang sacerdote, at si Zefanias na ikalawang sacerdote, at ang tatlong tagatanod ng pintuan: 19 at sa ciudad ay kumuha siya ng isang puno na imilagay sa mga lalaking pangbaka; at limang lalaki sa kanila na nakakita ng mukha ng hari, na mga nasumpungan sa ciudad; at ang kalihim, ang kapitan ng hukbo, na nagpisan ng bayan ng lupain; at anim na puong lalaki ng bayan ng lupain, na mga nasumpungan sa ciudad. 20 At kinuha sila ni Nebuzaradan na kapitan ng bantay, at dinala sila sa hari sa Babilonia sa Ribla. 21 At sinugatan sila ng hari sa Babilonia, at pinatay sila sa Ri-

bla, sa lupain ng Hamat. Sagayo'y dinala si Juda na bihag mula sa kaniyang lupain. 22 At tungkol sa bayan na naiwan sa lupain ng Juda, na iniwan ni Nebukadnezar na hari sa Babilonia, sa mga yaon ay kaniyang ginawang gobernador si Gedelias na anak ni Ahikam, na anak ni Safan.

23 Ng marinig nga ng lahat ng kapitan ng mga katibayan, nila, at ng kanilang mga lalaki, na ginawang gobernador si Gedalias ng hari sa Babilonia, sila'y naparoon kay Gedalias sa Mizpa, si Ismael na anak ni Netanias, at si Johanan na anak ni Karea, at si Seraya na anak ni Tanhumet, na Netofatite, at si Jaazania na anak ni MraKateo, sila at ang kanilang mga lalaki. 24 At si Gedalias ay sumumpa sa kanila at sa kanilang mga lalaki, at nagsabi sa kanilang: Kayo'y huag matakot dahil sa mga lingkod ng mga Kaldeo: tumahan kayo sa lupain, at kayo'y maglingkod sa hari sa Babilonia, at maging maabut sa inyo. 25 Ngunit nangyari ng ikapitong buan, na si Ismael na anak ni Netanias, na anak ni Elisama, na mula sa binhing hari, at sampuon lalaki na kasama niya, ay naparoon, at sinugatan si Gedalias, na ano pa't namatay, at ang mga Judio at ang mga Kaldeo, na mga kasama niya sa Mizpa. 26 At ang boong bayan, maliit at gayon din ang malaki, at ang mga kapitan ng mga katibayan, nagbangon, at naparoon sa Egipto: sapagka't sila'y natakot sa mga Kaldeo.

27 At nangyari, ng ikatatlong puo't pitong taon ng pagkabiha ni Jehoiachin na hari sa Juda, sa ikalabing dalawang buan, ng ikadalawang puo't pitong araw ng buan, na si Evil-merodak na hari sa Babilonia, sa taon na siya'y magpasimulang maghari, ay itinaas ang ang ulo ni Jehoiakin na hari sa Juda sa bilangnan; 28 at siya'y magsalita na may magandang kalooban sa kaniya, at inilapag ang kaniyang luklukan sa itaas ng luklukan ng mga hari na kasama niya sa Babilonia. 29 At kaniyang pinalitan ang kaniyang damit na pagkabiha, at kumain ng tinapay sa harap niya na palagi sa lahat ng araw ng kaniyang buhay. 30 At tungkol sa limos sa kaniya, may palaging limos na ibinibigay sa kaniya sa ganang hari, baw't araw ay isang bahagi, lahat ng araw ng kaniyang buhay.

## ANG UNANG LIBRO NG

# MGA KRONIKA.

**1** Si Adam, si Set, si Enos; **2** si Kenan, si Mahalalel, si Jared; **3** si Enok, si Metusale, si Lamek; **4** si Noa, si Sem, si Ham, at si Jafet.

**5** Ang mga anak ni Jafet; si Gomer, at si Magog, at si Madai, at si Javan, at si Tubal, at si Mesek, at si Tiras. **6** At ang mga anak ni Gomer: si Askenaz, at si Dipat, at si Togarma. **7** At ang mga anak ni Javan; si Elisa, at si Tarsis, si Kitim at si Rodanim.

**8** Ang mga anak ni Ham; si Kus at si Mizraim, si Put at si Kanaan. **9** At ang mga anak ni Kus: si Seba, at si Havila, at si Sabta, at si Raama, at si Sabteka. At ang mga anak ni Raama; si Seba, at si Dedan. **10** At ipinanganak ni Kus si Nimrod; siya ang nagpasmulang naging makapangyarihan sa lupa. **11** At ipinanganak ni Mizraim si Ludim, at si Ananim, at si Lehabim, at si Naftuhim, **12** at si Patrusim, at si Kasluhim, (na pinangalingan ng mga Filisteo), at si Kaf-  
**13** At ipinanganak ni Kanaan si Zidon, na kaniyang pangnanay, at si Het; **14** at ang Jebuseo, at ang Amorreo, at ang Gergasao; **15** at ang Hiveo, at ang Arkeo, at ang Sineo; **16** at ang Arvadeo, at ang Zemareo, at ang Hamateo.

**17** Ang mga anak ni Sem; si Elam, at si Assur, at si Arpaksad at si Lud, at si Aram, at si Uz, at si Hul, at si Geter, at si Mesek. **18** At ipinanganak ni Arpaksad si Sela, at ipinanganak ni Sela si Eber. **19** At kay Eber ay ipinanganak ay dalawang lalaki: ang pangalan ng isa'y Peleg; sapagka't sa kaniyang mga kaarawan ay nahati ang lupa; at ang pangalan ng kaniyang kapatid ay Joktan. **20** At ipinanganak ni Joktan si Almodad, at si Selef, at si Hazarmavet, at si Jerah; **21** at si Hadoram, at si Uzal, at si Dikla; **22** at si Ebal, at si Abimael, at si Seba; **23** at si Ofir; at si Havilah, at si Jobab. Lahat ng ito'y mga anak ni Joktan.

**24** Si Sem, si Arpaksad, si Selah; **25** si Eber, si Peleg, si Beu; **26** si Serug si Nahor, si Terah; **27** si Abram, (na siyang Abraham.) **28** Ang mga anak ni Abraham: si Isak, at si Ismael.

**29** Ito ang kanilang mga lahi: ang

panganay ni Ismael, si Nebayot; saka si Kedar, at si Adbeel, at si Mibsam, **30** si Misma, at si Dumah, si Massa; si Hadad, at si Tema, **31** si Jetur, si Nafis, at si Kedemah. Ito ang mga anak ni Ismael.

**32** At ang mga anak ni Keturah, na babaye ni Abraham: kaniyang ipinanganak si Zimran, at si Joksan, at si Medan, at si Midian, at si Isbak, at si Suah. At ang mga anak ni Joksan; si Seba, at si Dedan. **33** At ang mga anak ni Midian; si Efa, at si Efer, at si Hanok, at si Abida, at si Eldaa. Lahat ng ito'y mga anak ni Ketura.

**34** At ipinanganak ni Abraham si Isak. Ang mga anak ni Isak; si Esau, at si Israel.

**35** Ang mga anak ni Esau; si Elifaz, si Reuel, at si Jeus, at si Jalam, at si Kora. **36** Ang mga anak ni Elifaz; si Teman, at si Omar, si Zefi, at si Gatam, si Kenaz, at si Timna, at si Amalek. **37** Ang mga anak ni Reuel; si Nahat, si Zera, si Sama, at si Miza. **38** At ang mga anak ni Seir: si Lotan, at si Sobal, at si Zibeon, at si Ana, at si Dison, at Ezer, at si Disan. **39** At ang mga anak ni Lotan; si Hori, at si Homam; at si Timna ay kapatid na babaye ni Lotan. **40** Ang mga anak ni Sobal; si Allan, at si Manahat, at si Ebal, si Zefi at si Onam. At ang mga anak ni Zibeon; si Aya at si Ana. **41** Ang mga anak ni Ana: si Dison. At ang mga anak ni Dison; si Hamran, at si Esban, at si Itran at si Keran. **42** Ang mga anak ni Ezer; si Bilhan, at si Zaavan, at si Jaakan. Ang mga anak ni Disan; si Uz at si Aran. **43** Ang mga ito nga ang mga hari na naghari sa lupain ng Edom bago naghari ang sino mang hari sa mga anak ng Israel; si Bela na anak ni Beor: at ang pangalan ng kaniyang ciudad ay Dimhaba. **44** At namatay si Bela, at si Jobab na anak ni Zera sa Bozra ay naghari na kahalili niya. **45** At namatay si Jobab, at si Husam sa lupain ng mga Temaneo ay naghari na kahalili niya. **46** At namatay si Husam, at si Hadad na anak ni Bedad na sumungat sa Midian sa parang ng Moab, naghari na kahalili niya; at ang pangalan ng kani-

yang ciudad ay Avit. **47** At namatay si Hadad, at si Samla na taga Masreka ay naghari na kahalili niya. **48** At namatay si Samla, at si Saul na taga Rehobot sa tabi ng Ilog ay naghari na kahalili niya. **49** At namatay si Saul, at si Baalhanan na anak ni Akbor ay naghari na kahalili niya. **50** At namatay si Baalhanan, si Hadad ay naghari na kahalili niya; at ang pangalan ng kaniyang ciudad ay Pai; at ang pangalan ng kaniyang asawa ay Mehetabel, na anak ni Matred, na anak na babaye ni Me-zahab. **51** At namatay si Hadad. At ang mga pangulong sa Edom ay; ang pangulong Timna, ang pangulong Alia, ang pangulong Jetet; **52** ang pangulong Oholibama, ang pangulong Ela, ang pangulong Pinon; **53** ang pangulong Kenaz, ang pangulong Teman, ang pangulong Mibzar; **54** ang pangulong Magdiel, ang pangulong Iram. Ito ang mga pangulong sa Edom.

**2** Ito ang mga anak ni Israel; si Ruben, si Simeon, si Levi, at si Juda, at si Isakar, at si Zebulun; **2** si Dan, si Jose at si Benjamin, si Naptali, si Gad, at si Aser.

**3** Ang mga anak ni Juda; si Er, at si Onan, at si Sela; na siyang tatlong ipinanganak sa kaniya ni Bat-sua, na Kananea. At sa si Er, na panganay ni Juda, ay masama mga mata ng PANGINOON; at pinatay niya siya. **4** At ipinanganak sa kaniya ni Tamar na kaniyang manugang na babaye si Perez, at si Zera. Lahat na anak ni Juda ay lima. **5** Ang mga anak ni Perez; si Hezron at si Hamul. **6** At ang mga anak ni Zera; si Zimri, at si Etan, at si Heman, at si Kalkol, at si Dara: lima silang lahat. **7** At ang mga anak ni Kar-mi; si Akar, na mangbabagabag ng Israel, na nagkamit ng pagsalangsang sa itinalang bagay. **8** At ang mga anak ni Etan; si Azarias. **9** Ang mga anak naman ni Hezron, na mga ipinanganak sa kaniya; si Jerameel, at si Ram at si Kelubai. **10** At ipinanganak ni Ram si Aminadab; at ipinanganak ni Aminadab si Nason, na pangulo sa mga anak ni Juda; **11** at ipinanganak ni Nason si Salma, at ipinanganak ni Salma si Boaz; **12** at ipinanganak ni Boaz si Obed, at ipinanganak ni Obed si Jesse; **13** at ipinanganak ni Jesse ang kaniyang panganay na si Eliab, at si Abinadab ang ikalawa, at si Simea ang ikatlo; **14** si Netanel ang ikaapat, si Radai ang ikalima; **15** si Ozem ang ikaanim, si David ang ikapito: **16** at ang

kanilang mga kapatid na babaye ay si Zeruya at si Abigail. At ang mga naging, anak ni Zeruya; si Abisai, at si Joab, at si Asael, tatlo. **17** At ipinanganak ni Abigail si Amasa: at ang ama ni Amasa ay si Jeter na Ismaelita. **18** At nagkaanak si Kaleb na anak ni Hezron kay Azuba na asawa niya, at kay Jeriot: ito ang kaniyang mga anak; si Jeser, at si Sobab, at si Ardon. **19** At namatay si Azuba, at kinuhang asawa ni Kaleb si Efrat na siyang nanganak kay Hur sa kaniya. **20** At ipinanganak ni Hur si Uri, at ipinanganak ni Uri si Bezalel. **21** At pagkatapos ay sumiping si Hezron sa anak na babaye ni Makir na ama ni Gilead; na siya niyang kinuhang asawa ng siya'y may anim na puong taong gulang; at ipinanganak niya si Segub sa kaniya. **22** At ipinanganak ni Segub si Jair, na nagkaroon ng dalawang puo't tatlong ciudad sa lupain ng Gilead. **23** At kinuha ni Gesur at ni Aram ang mga bayan ni Jair sa kanila, sampuo ng Kenat, at ang mga nayon noon, anim na puong ciudad. Lahat ng ito'y mga anak ni Makir na ama ni Gilead. **24** At pagkatapos na namatay si Hezron sa Kaleb-efrata, ipinanganak nga ni Abija na asawa ni Hezron sa kaniya si Asur na ama ni Tekoa. **25** At ang mga anak ni Jerameel na panganay ni Hezron ay si Ram ang panganay, at si Buna, at si Oren, at si Ozem, si Abias. **26** At si Jerameel ay nag-asawa ng iba, na ang pangalan ay Atara; siya ang ina ni Onam. **27** At ang mga anak ni Ram na panganay ni Jerameel ay si Maaz, at si Jamin, at si Eker. **28** At ang mga naging anak ni Onam ay si Samai, at si Jada: at ang mga anak ni Samai; si Nadab at si Abisur. **29** At ang pangalan ng asawa ni Abisur ay Abihail; at ipinanganak niya sa kaniya si Ahban at si Molid. **30** At ang mga anak ni Nadab; si Seled, at si Apaim: nguni't si Seled ay namatay na walang anak. **31** At ang mga anak ni Apaim; si Isi. At ang mga anak ni Isi, si Sesan. At ang mga anak ni Sesan; si Ahlai. **32** At ang mga anak ni Jada, na kapatid ni Samai; si Jeter, at si Jonatan: at si Jeter ay namatay na walang anak. **33** At ang mga anak ni Jonatan; si Pelet, at si Zaza. Ito ang mga naging anak ni Jerameel. **34** Si Sesan nga ay hindi nagkaanak ng mga lalaki, kungdi mga babaye. At si Sesan ay may isang alipin na taga Egipto, na ang pangalan ay Jarha. **35** At pina-

pag-asawa ni Sesan ang kaniyang anak na babaye kay Jarha na kaniyang alipin; at ipinanganak niya si Attai sa kaniya. **36** At ipinanganak ni Attai si Natan, at ipinanganak ni Natan si Zabab; **37** at ipinanganak ni Zabab si Efsal, at ipinanganak ni Efsal si Obed; **38** at ipinanganak ni Obed si Jehu, at ipinanganak ni Jehu si Azarias; **39** at ipinanganak ni Azarias si Helez, at ipinanganak ni Helez si Eleasa; **40** at ipinanganak ni Eleasa si Sismai, at ipinanganak ni Sismai si Sallum; **41** at ipinanganak ni Sallum si Jekamias, at ipinanganak ni Jekamias si Elisama. **42** At ang mga anak ni Kaleb na kapatid ni Jerameel ay si Mesa na kaniyang panganay, na siyang ama ni Zif; at ang mga anak ni Maresa na ama ni Hebron. **43** At ang mga anak ni Hebron; si Kora at si Tapua, at si Rekem, at si Sema. **44** At ipinanganak ni Sema si Raham, na ama ni Jorkeam; at ipinanganak ni Rekem si Samal. **45** At ang anak ni Samai ay si Maon; at si Maon ay ama ni Bet-zur. **46** At ipinanganak ni Efa, na babaye ni Kaleb si Haran, at si Moza at si Gazez; at ipinanganak ni Haran si Gazez. **47** At ang mga anak ni Jahdai; si Regem at si Jotam, at si Gesan, at si Pelet, at si Efa, at si Saaf. **48** Ipinanganak ni Maaka, na babaye ni Kaleb, si Seber at si Tirhana. **49** Ipinanganak naman niya si Saaf na ama ni Madmana, si Seva na ama ni Makbena at ama ni Gibeaa; at ang anak na babaye ni Kaleb ay si Aksa. **50** Ito ang mga naging anak ni Kaleb; na anak ni Hur, na panganay ni Efrata, si Sobal na ama ni Kiriat-jearim; **51** si Salma na ama ni Bet-lehem, si Haref, na ama ni Bet-gader. **52** At si Sobal na ama ni Kiriat-jearim ay nagkaanak; si Haroe, ang kalahati ng mga Menuot. **53** At ang mga kasambahay ni Kiriat-jearim; ang mga Ireo, at ang mga Puteo, at ang mga Sumateo, at ang mga Misraites; na mula sa kanila ang mga Zoratita at ang mga Estaolita. **54** At ang mga anak ni Salma; ang Bet-lehem, at ang mga Netofatita, ang Atrot-bet-Joab, at ang kalahati ng mga Manahateo na mga Zorita. **55** At ang mga kamag-anakan ng mga kalihim na tumataban sa Jabez; ang mga Tirateo, ang mga Simeateo, at ang mga Sukateo. Ito ang mga Keneo, na nagmula kay Hamat, na ama ng bahay ni Rekeb. **3** Ang mga ito nga ang mga anak ni David, na mga ipinanganak sa kaniya

sa Hebron; ang panganay na si Amnon, kay Ahinoam na Jezreelita; ang ikalawa'y si Daniel, kay Abigail na Karmelita; **2** ang ikatlo'y si Absalom, na anak ni Maaka na anak na babaye ni Talmai na hari sa Gesur; ang ikaapat ay si Adonijana anak ni Haggit; **3** ang ikalima'y si Sefatias kay Abital; ang ikaanim, si Itream kay Eglā na asawa niya. **4** Anim ang ipinanganak sa kaniya sa Hebron; at doo'y naghari siyang pitong taon at anim na buan; at sa Jerusalem ay naghari siyang tatlong puot tatlong taon. **5** At ito ang mga ipinanganak sa kaniya sa Jerusalem: si Simea, at si Sobab, at si Natan, at si Solomon, apat, ni Bat-sua na na anak na babaye ni Amiel. **6** at si Ibhar, at si Elisama, at si Elifelet; **7** at si Noga, at si Nefeg, at si Jafia; **8** at si Elisama, at si Eliada, at si Elifelet, siam. **9** Lahat ng ito'y mga naging anak ni David, bukod pa ang mga anak ng mga babaye; at si Tamar ay kaniyang kapatid na babaye. **10** At ang anak ni Solomon ay si Rehoboam, si Abijas na kaniyang anak, si Asa na kaniyang anak, si Jehosafat na kaniyang anak; **11** si Joram na kaniyang anak, si Ahazia na kaniyang anak, si Joas na kaniyang anak; **12** si Amazias na kaniyang anak, si Azarias na kaniyang anak, si Jotam na kaniyang anak; **13** si Ahaz na kaniyang anak, si Hezekias na kaniyang anak, si Manases na kaniyang anak; **14** si Amon na kaniyang anak, si Josias na kaniyang anak. **15** At ang mga anak ni Josias; ang panganay na si Johanan, ang ikalawa'y si Jehoiakim, ang ikatlo'y si Zedekias, ang ikaapat ay si Sallum. **16** At ang mga anak ni Jehoiakim; si Jekonias na kaniyang anak, si Zedekias na kaniyang anak. **17** At ang mga anak ni Jekonias, na Iihag; si Sealtiel na kaniyang anak, **18** at si Malkiram, at si Pedaya, at si Senazar, si Jekamias, si Hosama, at si Nedabijas. **19** At ang mga anak ni Pedaya; si Zerubbabel, at si Simei; at ang mga anak ni Zerubbabel; si Mesullam, at si Hananias; at si Selomit na kanilang kapatid na babaye. **20** at si Ihasuba, at si Ohel, at si Berekias, at si Hasadias, at si Jusab-hesed, lima. **21** At ang mga anak ni Hananias; si Pelatias, at si Jesaias; ang mga anak ni Refaias, ang mga anak ni Arnan, ang mga anak ni Obadias, ang mga anak ni Sekanias. **22** At ang mga anak ni Sekanias; si Semaya; at ang mga anak ni Semaya si Hatus, at si Igal, at si Barias,

at si Nearias, at si Safat, anim. **23** At ang mga anak ni Nearias si Elioenai, at si Hizkias at si Azrikam, tatlo. **24** At ang mga anak ni Elioenai; si Hodavia, at si Eliasib, at si Pelaya, at si Akub, at si Johanan, at si Delaya, at si Anani pito.

**4** Ang mga anak ni Juda; si Perez, si Hezron, at si Karmi, at si Hur, at si Sobal. **2** At ipinanganak ni Reaya na anak ni Sobal si Jahat; at ipinanganak ni Jahat si Ahumai, at si Lahad. Ito ang mga kamag-anakan ng mga Zoratita. **3** At ito ang mga naging anak ng ama ni Etam; si Jezreel, at si Isma, at si Idbas: at ang pangalan ng kanilang kapatid na babaye ay Hazeleponi: **4** at si Penuel na ama ni Gedor, at si Ezer na ama ni Husa. Ito ang mga anak ni Hur, na panganay ni Efrata, na ama ni Bet-lehem. **5** At si Asur na ama ni Tekoa ay nag-asawa ng dalawa, si Hela, at si Naara. **6** At ipinanganak sa kaniya ni Naara si Ahuzam, at si Hefer, at si Temeni, at si Haahastari. Ito ang mga anak ni Naara. **7** At ang mga naging anak ni Hela ay si Zeret, at si Izhar, at si Etnan. **8** At ipinanganak ni Hakoz si Anub, at si Zobebe, at ang kamag-anakan ni Aharhel, na anak ni Harum. **9** At si Jabez ay bantog kay sa kaniyang mga kapatid: at tinawag ng kaniyang ina ang kaniyang pangalan na Jabez, na sinabing: Sapagka't ipinanganak kong may kahirapan siya. **10** At si Jabez ay dumaging sa Dios ng Israel, na nagsabing: ¡Oh kung ako'y iyong pagpapalain, at palalakihin ang aking hanganan, at ang iyong kamay ay sasa akin, at iingatan mo ako sa kasaman, upang huag maging aking kahirapan! At ipinagkaloob ng Dios sa kaniya ang kaniyang hinihingi. **11** At ipinanganak ni Kelub na kapatid ni Suha si Mehira, na siyang ama ni Eston. **12** At ipinanganak ni Eston si Bet-rafai, at si Pasa, at si Tehina, na ama ni Ir-nahas. Ito ang mga lalaki ni Reka. **13** At ang mga anak ni Kenaz; si Otniel at si Seraya: at ang mga anak ni Otniel; si Hatat. **14** At ipinanganak ni Meonotai si Ofra; at ipinanganak ni Seraya si Joab, na ama ng Geharashim; sapagka't sila'y mga mangagawa. **15** At ang mga anak ni Kaleb na anak ni Jefune; si Iru, si Ela, at si Naam: at ang anak ni Ela; ay si Kenaz. **16** At ang mga anak ni Jehalelel; si Zif at si Zifa, si Tiria, at si Asarel. **17** At ang mga anak ni Ezra;

si Jeter, at si Mered, at si Efer, at si Jalon: at ipinanganak niya si Miriam, at si Samai, at si Isba, na ama ni Estemoa. **18** At ipinanganak ng kaniyang asawang Judia si Jered, na ama ni Gedor, at si Heber na ama ni Soko, at si Jekutiel na ama ni Zanoa. At ito ang mga anak ni Bitia na anak na babaye ni Faraon na kinubang asawa ni Mered. **19** At ang mga anak ng asawa ni Hodias, na kapatid na babaye ni Naham, ay ang ama ni Keila na Garmita, at ni Estemoa na Makaatita. **20** At ang mga anak ni Simon; si Amnon, at si Rina, si Ben-hanan, at si Tilon. At ang mga anak ni Isi; si Zohet, at si Ben-zohet. **21** Ang mga anak ni Sela na anak ni Juda; si Er na ama ni Leka, at si Laada na ama ni Maresa, at ang mga kamag-anakan ng bahay ng mga gumagawa ng pinong kayong puti sa bahay ni Asbea; **22** at si Jokim, at ang mga lalaki ni Kozeba, at si Joas, at si Saraf, na siyang mga nagpasuko sa Moab, at si Jasubilehem. At ang alaalang ito'y matanda na. **23** Ang mga ito'y mga magpapaliok, at mga mananahan sa Netaim at Gedera: doo'y tumahan sila na kasama ang hari para sa kaniyang gagawin.

**24** Ang mga anak ni Simeon; si Nemuel, at si Jamin, si Jarib, si Zera, si Saul: **25** si Sallum na kaniyang anak, si Mibsam na kaniyang anak, si Misma na kaniyang anak. **26** At ang mga anak ni Misma; si Hamuel, na kaniyang anak, si Zakur na kaniyang anak, si Simei na kaniyang anak. **27** At si Simei ay nagkaanak ng labing anim na lalaki at anim na anak na babaye; nguni't ang kaniyang mga kapatid ay di nagkaanak ng marami o dumami man ang lahat nilang kamag-anakan na gaya ng mga anak ni Juda. **28** At sila'y tumahan sa Beer-seba, at sa Molada, at sa Hazar-sual; **29** at sa Bilha, at sa Ezem, at sa Tolad; **30** at sa Betuel, at sa Horma, at sa Ziklag; **31** at sa Betmarkabot, at sa Hazar-susim, at sa Betbiri, at sa Saaraim. Ito ang kanilang mga ciudad hangang sa kaharian ni David. **32** At ang kanilang mga nayon ay Etan, at Ain, Rimon, at Token, at Asan, limang ciudad: **33** at ang lahat ng kanilang mga nayon na nasa palibot ng mga ciudad na yaon hangang sa Baal. Ang mga ito ang naging kanilang mga tahanan, at sila'y maitrong kanilang talaan ng lahi. **34** At si Mesobah, at si Jamlek, at si Josa na anak ni Amasias; **35** at si Joel, at si Jehu na anak ni Josibias, na anak ni Se-

raya, na anak ni Asiel: **36** at si Elioenai, at si Jaakoba, at si Jesohaya, at si Asaya, at si Adiel, at si Jesimiel, at si Benaia; **37** at si Ziza, na anak ni Sifi, na anak ni Allon, na anak ni Jedaya, na anak ni Sinri, na anak ni Semaya; **38** ang mga itong nabangit sa pangalan ay mga pangulo sa kanilang mga kamag-anakan: at ang mga bahay ng kanilang mga magulang ay lumaking mainam. **39** At sila'y naparoon sa pasukan ng Gedor, hangang sa dakong silanganan ng libis, upang ihanap ng pasabsaban ang kanilang mga kawan. **40** At sila'y nakasumpong ng matabang pasabsaban at mabuti, at ang lupain ay maluang at tahimik, at payapa; sapagka't ang mga tumatahan ng una doon ay kay Ham. **41** At ang mga itong nasusulat sa pangalan ay naparoon sa mga kaarawan ni Hezekias na hari sa Juda, at sinugatan ang kanilang mga dampa, at ang mga Meunim na nasumpungan doon, at mga nilipol na lubos, hangang sa araw na ito, at sila'y tumahan na kahalili nila: sapagka't may pasabsaban doon para sa kanilang mga kawan. **42** At ang iba sa kanila, sa mga anak ni Simeon, na limang daang lalaki, naparoon sa bundok ng Seir, na ang kanilang mga kapitan ay si Pelatias, at si Nearias, at si Refaías, at si Uziel, na mga anak ni Isi. **43** At kanilang sinugatan ang labis sa mga Amalecita na nakataanan, at tumahan doon hangang sa araw na ito.

**5** At ang mga anak ni Ruben na pangnanay ni Israel, (sapagka't siya ang pangnanay; nguni't sa paraang kaniyang diumban ang hihigan ng kaniyang ama, ang kaniyang pagkapanganay ay ibinigay sa mga anak ni Jose na anak ni Israel; at sa talaan ng lahi ay hindi marapat ibilang ayon sa pagkapanganay. **2** Sapagka't si Juda'y nanaig sa kaniyang mga kapatid, at nangaling sa kaniya ang pangulo; nguni't ang pagkapanganay ay kay Jose:.) **3** ang mga anak ni Ruben na pangnanay ni Israel; si Hanok, at si Pallu, at si Hezron, at si Karmi. **4** Ang mga anak ni Joel; si Semaya na kaniyang anak, si Gog na kaniyang anak, si Simei na kaniyang anak; **5** si Mika na kaniyang anak, si Reaya na kaniyang anak, si Baal na kaniyang anak; **6** si Beera na kaniyang anak na binihag ni Tilgat-pilneser na hari sa Asiria: siya'y pangulo ng mga Rubenita. **7** At ang kaniyang mga kapatid ayon sa kanilang mga kamag-anakan, ng sa talaan ng kanilang mga lahi ay bilangin; ang pangulo si Jeiel, at si Zeka-

rias, **8** at si Bela, na anak ni Azaz, na anak ni Sema, na anak ni Joel, na tumatahan sa Aroer, hangang sa Nebo at Baalmeon: **9** at sa dakong silanganan ay tumahan hangang sa pasukan sa ilang na mula sa ilog ng Euprates: sapagka't ang kanilang mga hayop ay dumami sa lupain ng Gilead. **10** At sa mga kaarawan ni Saul sila'y bumaka sa mga Hagreo, na mga nahulog sa kanilang kamay: at sila'y tumahan sa kanilang mga dampa sa boong lupain ng silanganan ng Gilead.

**11** At ang mga anak ni Gad ay tumahan sa tapat nila, sa lupain ng Basan hangang sa Saleka: **12** si Joel ang puno, at si Safam ang ikalawa, at si Janai, at si Safat sa Basan: **13** at ang kanilang mga kapatid sa mga bahay ng kanilang mga magulang: si Mikael at si Mesullam, at si Seba, at si Jorai, si Jakan, at si Zia, at si Eber, pito. **14** Ang mga ito ang mga naging anak ni Abihail na anak ni Huri, na anak ni Jarco, na anak ni Gilead, na anak ni Mikael, na anak ni Jesais, na anak ni Jahdo, na anak ni Buz; **15** si Ahi na anak ni Abdiel, na anak ni Guni na puno sa mga bahay ng kanilang mga magulang. **16** At sila'y tumahan sa Gilead sa Basan, at sa kaniyang mga nayon, at sa lahat ng palibot ng Saron, na kasinglayo ng kanilang mga hanganan. **17** Ang lahat na ito'y nasulat sa pamamag-itan ng mga talaan ng lahi sa mga kaarawan ni Jotam na hari sa Juda at sa mga kaarawan ni Jeroboam na hari sa Israel.

**18** Ang mga anak ni Ruben, at ang mga Gadita, at ang kalahating angkan ni Manases, na mga matapang na lalaki, na mga lalaking makadadala ng kalasag at tabak, at nagpapahilagpos ng bosog, at bihasa sa pakikipagbaka, apat na puo't apat na libo, at pitong daan at anim na puo na makalalaba sa pagbabaka. **19** At sila'y nakipagbaka sa mga Hagreo, kay Jetur, at kay Nafis, at kay Nodab. **20** At sila'y tinulungan laban sa kanila, at ang mga Hagreo ay nabigay sa kanilang kamay, at ang lahat na kasama nila: sapagka't sila'y dumaing sa Dios sa pagbabaka, at kaniyang inayunan sila; sapagka't sila'y umana sa kaniya. **21** At kanilang dinala ang kanilang mga hayop; sa kanilang mga kamello ay limang puong libo, at sa mga tupa ay dalawang daan at limang puong libo, at sa mga asno ay dalawang libo, at sa mga lalaki ay isang daang libo. **22** Sapagka't nabunai ang maraming patay, sapagka't ang pag-

babaka ay sa Dios. At sila'y tumalian na kahalili nila hangang sa pagtatapon.

**23** At ang mga anak ng kalahating angkan ni Manases ay tumalian sa lupain: sila'y dumani mula sa Baan hangang sa Baal-hermon at sa Senir at sa bundok ng Hermon. **24** At ang mga ito ang mga pangulo sa mga bahay ng kanilang mga magulang; si Efer, at si Isi, at si Eliel, at si Azriel, at si Jeremias, at si Hodavias, at si Jahdiel, na mga makapangyarihang lalaking may tapang, na mga bantog na lalaki, na mga pangulo sa mga bahay ng kanilang mga magulang.

**25** At sila'y sumuay laban sa Dios ng kanilang mga magulang, at yumaong nakipad sa likuran ng mga dios ng mga bayan sa lupain, na gimiba ng Dios sa harap nila. **26** At hinikayat ng Dios ng Israel ang espiritu ni Pul na hari sa Asiria, at ang espiritu ni Tilgat-piñeser na hari sa Asiria, at mga itinaupon ang mga Rubenita, at ang mga Gadita at ang kalahati ng angkan ni Manases, at dinala hangang sa Hala, at sa Habor, at sa Hara, at sa ilog ng Gozan, hangang sa araw na ito.

**6** Ang mga anak ni Levi: si Gerson, si Koat at si Merari. **2** At ang mga anak ni Koat; si Amram, si Izhar at si Hebron, at si Uzziel. **3** At ang mga anak ni Amram, si Aaron si Moises, at si Miriam. At ang mga anak ni Aaron: si Nadab, at si Abiu, si Eleazar, at si Itamar. **4** Ipinanganak ni Eleazar si Fineas, ipinanganak ni Fineas si Abisua; **5** at ipinanganak ni Abisua si Buki, at ipinanganak ni Buki si Uzzi; **6** at ipinanganak ni Uzzi si Zeraias: at ipinanganak ni Zeraias si Meraiot; **7** ipinanganak ni Meraiot si Amarias; at ipinanganak ni Amarias si Ahitub; **8** at ipinanganak ni Ahitub si Zadok, at ipinanganak ni Zadok si Ahimaaz; **9** at ipinanganak ni Ahimaaz si Azarias, at ipinanganak ni Azarias si Johanan; **10** at ipinanganak ni Johanan si Azarias, (na siyang *dakilang* sacerdote sa bahay na itinayo ni Solomon sa Jerusalem:); **11** at ipinanganak ni Azarias si Amarias: at ipinanganak ni Amarias si Ahitub; **12** at ipinanganak ni Ahitub si Zadok: at ipinanganak ni Zadok si Sallum; **13** at ipinanganak ni Sallum si Hilkias, at ipinanganak ni Hilkias si Azarias; **14** at ipinanganak ni Azarias si Seraya, at ipinanganak ni Seraya si Jehozadak; **15** at si Jehozadak ay nasok sa *pagkabitag* ng dalhin na bihag

ng PANGINOON ang Juda at ang Jerusalem sa pamamag-itan ng kamay ni Nebukadnezar.

**16** Ang mga anak ni Levi; si Gersom, si Koat, at si Merari. **17** At ang mga ito ang mga pangalan ng mga anak ni Gersom; si Libni at si Simeel. **18** At ang mga anak ni Koat ay si Amram, at si Izhar, at si Hebron, at si Uzziel. **19** Ang mga anak ni Merari; si Mahli at si Musi. At ang mga ito ang mga kamag-anakan ng mga Levita ayon sa *mga bahay ng kanilang mga magulang*. **20** Kay Gersom; si Libni na kaniyang anak, si Jahat na kaniyang anak, si Zimma na kaniyang anak; **21** si Joah na kaniyang anak, si Iddo na kaniyang anak, si Zera na kaniyang anak, si Jeaterai na kaniyang anak. **22** Ang mga anak ni Koat; si Aminadab na kaniyang anak, si Kora na kaniyang anak, si Asir na kaniyang anak; **23** si Elkana na kaniyang anak, si Ebiasaf na kaniyang anak, si Asir na kaniyang anak; **24** si Tahat na kaniyang anak, si Uriel na kaniyang anak, si Uzziat na kaniyang anak, at si Saul na kaniyang anak. **25** At ang mga anak ni Elkana; si Amasai at si Ahimot. **26** Tungkol kay Elkana: ang mga anak ni Elkana; si Zofai na kaniyang anak, at si Nahat na kaniyang anak; **27** si Eliab na kaniyang anak, si Jeroham na kaniyang anak, si Elkana na kaniyang anak. **28** At ang mga anak ni Samuel; ang panganay na si Joel, at ang ikalawa'y si Abijas. **29** Ang mga anak ni Merari; si Mahli, si Libni na kaniyang anak, si Simeel na kaniyang anak, si Uzza na kaniyang anak; **30** si Simea na kaniyang anak, si Hagia na kaniyang anak, si Asaya na kaniyang anak.

**31** At ang mga ito ang mga inilagay ni David sa paglilingkod sa awit sa bahay ng PANGINOON, pagkatapos na maipagpahinga ang kaban. **32** At sila'y namahala sa pamamag-itan ng awit sa harap ng tabernakulo ng dampa ng kapisanan hangang sa itinayo ni Solomon ang bahay ng PANGINOON sa Jerusalem: at sila'y naglingkod sa kanilang katungkulan ayon sa kanilang pagkaka halihalili. **33** At ang mga ito ang mga naglingkod, at ang kanilang mga anak. Sa mga anak ng mga Koateo: si Heman, na mang-aawit, na anak ni Joel, na anak ni Samuel. **34** Na anak ni Elkana, na anak ni Jeroham, na anak ni Eliel, na anak ni Toa; **35** na anak ni Zuf, na anak ni Elkana, na anak ni Mahat, na anak ni Amasai;

**36** na anak ni Elkana, na anak ni Joel, na anak ni Azarias, na anak ni Zefanias; **37** na anak ni Tahat, na anak ni Asir, na anak ni Ebiasaf, na anak ni Kora; **38** na anak ni Izhar, na anak ni Keat, na anak ni Levi, na anak ni I-rael. **39** At ang kaniyang kapatid na si Asaf na siyang nakatayo sa kaniyang kanan, si Asaf na anak ni Berekiyas, na anak ni Simea; **40** na anak ni Mikael, na anak ni Baaseva, na anak ni Malkijas; **41** na anak ni Etni, na anak ni Zera, na anak ni Adava; **42** na anak ni Etan, na anak ni Zima, na anak ni Simeci; **43** na anak ni Jahat, na anak ni Gerson, na anak ni Levi. **44** At sa kaliwa ang kanilang mga kapatid na mga anak ni Merari: si Etan na anak ni Kisi, na anak ni Abdi, na anak ni Malluk; **45** na anak ni Hasabias, na anak ni Amazias, na anak ni Hilkiyas; **46** na anak ni Amzi, na anak ni Bani, na anak ni Semer; **47** na anak ni Mahli, na anak ni Musi, na anak ni Merari, na anak ni Levi. **48** At ang kanilang mga kapatid na mga Levita ay nahalal sa lahat na paglilingkod sa tabernakulo ng bahay ng Dios.

**49** Nguni't si Aaron at ang kaniyang mga anak ay naghandog sa ibabaw ng altar ng handog na susunugin, at sa ibabaw ng altar ng pangsuob, para sa boong gagawin sa pinakasantong lugar, at upang tumubos ng sala sa Israel, ayon sa lahat na inutus ni Moises na lingkod ng Dios. **50** At ang mga ito ang mga anak ni Aaron; si Eleazar na kaniyang anak, si Fineas na kaniyang anak, si Abisua na kaniyang anak; **51** si Buki na kaniyang anak si Uzzi na kaniyang anak, si Zeraias na kaniyang anak; **52** si Meraiot na kaniyang anak, si Amarias na kaniyang anak, si Ahitub na kaniyang anak; **53** si Zadok na kaniyang anak, si Ahimaaz na kaniyang anak.

**54** Ang mga ito nga ang kanilang mga tahanang lugar ayon sa kanilang mga kampo sa kanilang mga hanganan; sa mga anak ni Aaron, na sa mga kamag-anakan ng mga Koateo, sapagka't sa kanila ang *unang* palad, **55** sa kanila ibinigay ang Hebron sa lupain ng Juda, at ang mga nayon noon sa palibot; **56** nguni't ang mga bukid ng ciudad, at ang mga nayon noon, kanilang ibinigay kay Kaleb na anak ni Jefune. **57** At sa mga anak ni Aaron ay kanilang ibinigay ang mga ciudad na takbuhan, ang Hebron; gayon din ang Libna sampuo ng mga nayon

noon, at ang Jatir at ang Estemoa sampuo ng mga nayon noon; **58** at ang Hilen sampuo ng mga nayon noon; ang Debir sampuo ng mga nayon noon; **59** at ang Asan sampuo ng mga nayon noon, at ang Bet-semes sampuo ng mga nayon noon; **60** at sa angkan ni Benjamin; ang Gela sampuo ng mga nayon noon, at ang Almet sampuo ng mga nayon noon, at ang Anatot sampuo ng mga nayon noon. Ang lahat na kanilang mga ciudad sa lahat na kanilang mga kamag-anakan ay labing tatlong ciudad. **61** At sa labis ng mga anak ni Koat ay *nabigay* sa pamamag-itan ng sapalaran, sa kamag-anakan ng angkan, sa kalahating angkan, ang kalahati ng Manases, sampuon ciudad. **62** At sa mga anak ni Gerson, ayon sa kanilang mga kamag-anakan sa angkan ni Isakar, at sa angkan ni Aser, at sa angkan ni Naptali, at sa angkan ni Manases sa Basan, labing tatlong ciudad. **63** Sa mga anak ni Merari ay *nabigay* sa pamamag-itan ng sapalaran ayon sa kanilang mga kamag-anakan sa angkan ni Ruben, at sa angkan ni Gad, at sa angkan ni Zebulun, labing dalawang ciudad. **64** At ang mga anak ng Israel ay nabigay sa mga Levita ng mga ciudad na kalakip ayon ng mga nayon noon. **65** At kanilang ibinigay sa pamamag-itan ng sapalaran sa angkan ng mga anak ni Juda, at sa angkan ng mga anak ni Simeon, at sa angkan ng mga anak ni Benjamin, ang mga ciudad na ito na binangit sa pangalan. **66** At ang iba sa mga kamag-anakan sa mga anak ni Koat ay may mga ciudad sa kanilang mga hanganan sa ganang angkan ni Efraim. **67** At ibinigay nila sa kanila ang mga ciudad na takbuhan: ang Sekem sa lupaing maburot ng Efraim sampuo ng mga nayon noon; gayon din ang Gezer sampuo ng mga nayon noon; **68** at ang Jokmeam sampuo ng mga nayon noon, at ang Bethoron sampuo ng mga nayon noon; **69** at ang Ajalon sampuo ng mga nayon noon; at ang Gat-rimou sampuo ng mga nayon noon; **70** at sa ganang kalahating angkan ni Manases; ang Amer sampuo ng mga nayon noon, at ang Bileam sampuo ng mga nayon noon, para sa nalabi sa kamag-anakan ng mga anak ni Koat. **71** Sa mga anak ni Gerson ay *nabigay*, sa kamag-anakan ng kalahating angkan ni Manases, ang Golan sa Basan sampuo ng mga nayon noon, at ang Astarot sampuo ng mga nayon noon; **72** at sa angkan ni



Isakar, ang Kedes sampuo ng mga nayon noon, ang Daberat sampuo ng mga nayon noon; **73** at ang Ramot sampuo ng mga nayon noon, at ang Anem sampuo ng mga nayon noon: **74** at sa angka ni Aser ang Masal sampuo ng mga nayon noon, at ang Abdon sampuo ng mga nayon noon; **75** at ang Hukok sampuo ng mga nayon noon, at ang Rehob sampuo ng mga nayon noon: **76** at sa angka ni Naptali; ang Kedes sa Galilee sampuo ng mga nayon noon, at ang Hamon sampuo ng mga nayon noon, at ang Kiriathaim sampuo ng mga nayon noon. **77** Sa nalabi sa mga Levita na mga anak ni Merari, nabigay sa angka ni Zebulun, ang Rimono sampuo ng mga nayon noon, ang Tabor sampuo ng mga nayon noon: **78** at sa dako roon ng Jordan sa Jeriko sa dakong silanganan ng Jordan nabigay sa kanila sa angka ni Ruben, ang Bezer sa ilang sampuo ng mga nayon noon, at ang Jaza sampuo ng mga nayon noon, **79** at ang Kedemot sampuo ng mga nayon noon, at ang Mefaat sampuo ng mga nayon noon: **80** at sa angka ni Gad; ang Ramot sa Gilead sampuo ng mga nayon noon, at ang Mahanaim sampuo ng mga nayon noon, **81** at ang Hesbon sampuo ng mga nayon noon, at ang Jazer sampuo ng mga nayon noon.

**7** At sa mga anak ni Isakar, si Tola, at si Pua, si Jasub, at si Simron, apat. **2** At sa mga anak ni Tola; si Uzzi, at si Refaya, at si Jeriel, at si Jahmai, at si Ibsan at si Semuel, mga pangulo sa mga bahay ng kanilang mga magulang, ni Tola; mga makapangyarihang lalaking may tapang sa kanilang mga lahi: ang kanilang bilang sa mga kaarawan ni David ay dalawang puot dalawang libo at anim na raan. **3** At ang mga anak ni Uzzi; si Izrahias: at ang mga anak ni Izrahias; si Mikael, at si Obadias, at si Joel, si Isias, lima: silang lahat ay mga puno. **4** At sa kasamahan nila ayon sa kanilang mga talaan ng lahi, ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, may mga kawal ng hukbo para sa pakikipagbaka, tatlong puot anim na libo: sapagka't sila'y nagkaroon ng maraming mga asawa at mga anak. **5** At ang kanilang mga kapatid sa lahat na kamag-anakan ni Isakar na mga makapangyarihang lalaking may tapang na nabibilang ayon sa talaan ng lahi silang lahat, ay walong puot pitong libo.

**6** Ang mga anak ni Benjamin; si Bela

at si Beker, at si Jediael, tatlo. **7** At sa mga anak ni Bela; si Ezbon, at si Uzzi, at si Uziel, at si Jerimot, at si Iri, lima; mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang, mga makapangyarihang lalaking may tapang; at sila'y nabibilang ayon sa talaan ng lahi, ay dalawang puot dalawang libo at tatlong puot apat. **8** At ang mga anak ni Beker; si Zemira, at si Joas, at si Eliezer, at si Elioenai, at si Omri, at si Jeremot, at si Abijas, at si Anatot, at si Alemet. Lahat ng ito'y mga anak ni Beker. **9** At sila'y nabibilang ayon sa talaan ng lahi ayon sa kanilang mga pangulo sa mga bahay ng kanilang mga magulang, mga makapangyarihang lalaking may tapang, dalawang puong libo at dalawang daan. **10** At ang mga anak ni Jediael, si Bilhan: at ang mga anak ni Bilhan; si Jeus at si Benjamin, at si Ehud, at si Kenaana, at si Zetan, at si Tarsis, at si Ahisahar. **11** Lahat ng ito'y mga anak ni Jediael, ayon sa mga pangulo ng mga bahay ng kanilang mga magulang, na mga makapangyarihang lalaking may tapang labing pitong libo at dalawang daan na nakalalabas sa hukbo upang bumaka. **12** Si Suppim naman at si Huppim na mga anak ni Ir, si Husim na mga anak ni Aher.

**13** Ang mga anak ni Naftali; si Jahziel, at si Guni, at si Zezer, at si Sallum, na mga anak ni Bilha.

**14** Ang mga anak ni Manases; si Asriel, na siyang ipinanganak ng kaniyang asawa (ipinanganak ng kaniyang babaye na Aramita si Makir na ama ni Gilead: **15** at si Makir ay nag-asawa kay Huppim at kay Suppim, na ang pangalan ng kapatid nila ay Maaka): at ang pangalan ng ikalawa ay Zelofehad: at si Zelofehad ay nagkaanak ng mga babaye. **16** At si Maaka na asawa ni Makir ay nanganak ng isang lalaki, at tinawag niya ang kaniyang pangalan na Peres; at ang pangalan ng kaniyang kapatid ay Seres; at ang kaniyang mga anak ay si Ulam at si Rakem. **17** At ang mga anak ni Ulam; si Bedan. Ito ang mga naging anak ni Gilead na anak ni Makir, na anak ni Manases. **18** At ipinanganak ng kaniyang kapatid na si Hamoleket si Ishod, at si Abiezer, at si Mahla. **19** At ang mga anak ni Semida ay si Ahian, at si Sekem, at si Likhi, at si Aniam.

**20** At ang mga anak ni Efraim; si Sutela, at si Bered na kaniyang anak, at si Tahat na kaniyang anak, at si Eleadu

na kaniyang anak, at si Tahat na kaniyang anak. **21** at si Zabad na kaniyang anak, at si Sutela na kaniyang anak, at si Ezer, at si Elead, na siyang mga pinatay ng mga lalaki ng Gat na mga ipinanganak sa lupain, sapagka't sila'y bumaba upang kunin ang kanilang mga hayop. **22** At si Efraim na kanilang ana ay tumangis na maraming araw, at ang kaniyang mga kapatid ay naparoon upang aliwin siya. **23** At siya'y sumiping sa kaniyang asawa, at siya'y naglihi, at nagkaanak ng isang lalaki, at tinawag niya ang kaniyang pangalan na Berias, sapagka't sumakaniyang bahay ang kasam-an. **24** At ang kaniyang anak na babaye ay si Seera, na siyang nagtayo ng Bet-horon, ng sa ibaba at sa itaas, at ng Uzen-seera. **25** At naging anak niya si Refa at si Resef, at si Tela na kaniyang anak, at si Tahan na kaniyang anak; **26** si Ladan na kaniyang anak, si Amilud na kaniyang anak, Elisama na kaniyang anak; **27** si Nun na kaniyang anak, si Josue na kaniyang anak. **28** At ang kanilang mga pag-aari at mga tahanan ay ang Bet-el at ang mga nayon noon, at ang dakong silanganan ng Naaran, at ang dakong kalunuran ng Gezer sampuo ng mga nayon noon; ang Sekem naman at ang mga nayon noon hangang sa Aza sampuo ng mga nayon noon: **29** at sa siping ng mga hanganan ng mga anak ng Manases, ang Bet-sean at ang mga nayon noon, ang Taanak at ang mga nayon noon, ang Megido at ang mga nayon noon, ang Dor at ang mga nayon noon. Sa mga ito tumahan ang mga anak ni Jose na anak ni Israel.

**30** Ang mga anak ni Aser; si Imna, at si Isya, at si Isvi, at si Berias, at si Sera na kanilang kapatid na babaye. **31** At ang mga anak ni Berias; si Heber, at si Malkiel na siyang ana ni Birzait. **32** At ipinanganak ni Heber si Jafet, at si Semer at si Hotam, at si Sua na kapatid na babaye nila. **33** At ang mga anak ni Jafet; si Pasak, at si Bimhal, at si Asvat. Ang mga ito ang mga anak ni Jafet. **34** At ang mga anak ni Semer; si Ahi, at si Rohga, si Jehuba, at si Aram. **35** At ang mga anak ni Helem na kaniyang kapatid; si Zofa, at si Imna, at si Seles, at si Amal. **36** Ang mga anak ni Zofa; si Sua, at si Harnefer, at si Sual, at si Beri, at si Imra: **37** si Bezer at si Hod, at si Saunna, si Silsa, at si Itran, at si Beera. **38** At ang mga anak ni Jeter; si Jefune, at si Pispa, at si Ara. **39** At ang mga anak ni Ulla;

si Ara, at si Haniel, at si Rizia. **40** Ang lalati na ito ay mga naging anak ni Aser, mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang, mga pili at makapangyarihang lalaki na may tapang, mga puno ng mga pangulo. At ang bilang nilang nabilang ayon sa talaan ng lalaki para sa paglilingkod sa pagbabaka ay dalawang puot anim na libong lalaki.

**8** At ipinanganak ni Benjamin si Bela na kaniyang panganay, si Astel ang ikalawa, at si Aharah ang ikatlo; **2** si Noha ang ikaapat, at si Rafa ang ikalima. **3** At si Bela ay nagkaanak, si Adar, at si Gera, at si Abihud; **4** at si Abisua, at si Naaman, at si Ahoa; **5** at si Gera, at si Sefufan, at si Huran. **6** At ang mga ito ang mga anak ni Ehud: ang mga ito ang mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang ng mga mananahan sa Geba, at mga dinala nilang bihag sa Manahat: **7** at si Naanan, at si Alias, at si Gera, kaniyang mga dinalang bihag; at kaniyang ipinanganak si Uzza at si Ahihud. **8** At si Saaraim ay nagkaanak sa parang ng Moab, pagkatapos na kaniyang mapagpaalam si Husim, at si Baara na kaniyang mga asawa. **9** At naging anak sa kaniya ni Hodes na kaniyang asawa si Jobab, at si Zibia, at si Mesa, at si Malkan; **10** at si Jeuz, at si Sakia at si Mirma. Ang mga ito ang kaniyang mga anak na mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang. **11** At kay Husim ay ipinanganak si Abitub, at si Elpaal. **12** At ang mga anak ni Elpaal; si Eber, at si Misam, at si Semed, na siyang nagtayo ng Ono at ng Led, sampuo ng mga nayon noon: **13** at si Berias at si Sema na mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang ng mga mananahan sa Aijalon na siyang nagpatakas sa mga mananahan sa Gat; **14** at si Ahio, si Sasak, at si Jeremot; **15** at si Zebadiah, at si Arad, at si Eder; **16** at si Mikael, at si Ispa, at si Joha, na mga anak ni Berias; **17** at si Zebadiah, at si Messullam, at si Hizki, at si Heber; **18** at si Ismerai, at si Izlia, at si Jobab, na mga anak ni Elpaal; **19** at si Jakim, at si Zikri, at si Zabdi; **20** at si Elienai, at si Zilletai, at si Eliel; **21** at si Adaya, at si Beraya, at si Simrat; na mga anak ni Sime; **22** at si Ispan, at si Eber, at si Eliel; **23** at si Abdon, at si Zikri, at si Hanan; **24** at si Hananias, at si Elam, at si Antontias; **25** at si Idleya, at si Penuel; na mga anak ni Sasak; **26** at si Samserai,

at si Seharja, at si Atalia; **27** at si Jaeresias, at si Elija, at si Zikri, na mġa anak ni Jeroham. **28** Ang mġa ito ang mġa naging pangulo sa mġa bahay ng mġa magulang ayon sa kanilang lahi, na mġa punong lalaki: ang mġa ito'y tumahan sa Jerusalem. **29** At sa Gibeon ay tumhan ang ama ni Gibeon, si Jeiel na ang pangalan ng asawa ay Mauka: **30** at ang kaniyang panganay na anak na si Abdon, at si Zur, at si Kis, at si Baal, at si Nadab; **31** at si Gedor, at si Ahio, at si Zeker. **32** At ipinanganak ni Miklot si Simea. At sila nama'y tumahang kasama ng kanilang mġa kapatid sa Jerusalem, sa tapat ng kanilang mġa kapatid. **33** At ipinanganak ni Ner si Kis; at ipinanganak ni Kis si Saul; at ipinanganak ni Saul si Jonatan, at si Malki-sua, at si Abinadab at si Esbaal. **34** At ang anak ni Jonatan ay si Merib-baal; at ipinanganak ni Merib-baal si Mika. **35** At ang mġa anak ni Mika; si Piton, at si Melek, at si Tarea, at si Ahaz. **36** At ipinanganak ni Ahaz si Jehoadā; at ipinanganak ni Jehoadā si Alemet, at si Azmavet, at si Zimri; at ipinanganak ni Zimri si Moza: **37** at ipinanganak ni Moza si Binea; si Rafa na kaniyang anak, si Eleasa na kaniyang anak, si Azel na kaniyang anak: **38** at si Azel ay nagkaroon ng anim na anak, na ang mġa pangalan ay ito; si Azrikam, si Bokeru at si Ismael, at si Scarias, at si Obadias, at si Hanan. Lahat ng ito'y anak ni Azel. **39** At ang mġa anak ni Esek na kaniyang kapatid; si Ulam na kaniyang panganay, si Jeus na ikalawa, at si Elifelet na ikatlo. **40** At ang mġa anak ni Ulam ay mġa makapangyarihang lalaking may tapang, na mġa mamamana, at nagkaroon ng maraming anak, at mġa anak ng mġa anak, na isang daan at limang puo. Lahat ng ito'y sa mġa anak ni Benjamin.

**9** Sa gayo'y ang boong Israel ay nabilang ayon sa mġa talaan ng lahi; at, narito, sila'y nasusulat sa libro ng mġa hari sa Israel: at ang Juda'y dinalang bahag sa Babilonia dahil sa kaniyang pagsalangsang. **2** Ang mġa una ngang mananahan na tumahan sa kanilang mġa pag-aari sa kanilang mġa ciudad ay ang Israel, ang mġa sacerdote, ang mġa Levita, at ang mġa Netineo. **3** At sa Jerusalem ay tumahan sa mġa anak ni Juda, at sa mġa anak ni Benjamin, at sa mġa anak ni Efraim at Manases; **4** si Utai, na anak ni Amihud, na anak ni Omri, na anak ni

Imri, na anak ni Bani, sa mġa anak ni Perez na anak ni Juda. **5** At sa mġa Silonita; si Asaias na panganay, at ang kaniyang mġa anak. **6** At sa mġa anak ni Zera, si Jeuel, at ang kanilang mġa kapatid, na anim na raan at siam na puo. **7** At sa mġa anak ni Benjamin; si Sallu, na anak ni Mesullam, na anak ni Hodavias, na anak ni Hasenua; **8** at si Ibneias na anak ni Jeroham, at si Ela na anak ni Uzzi, na anak ni Mikri, at si Mesullam na anak ni Sefatias, na anak ni Reuel, na anak ni Ibnija; **9** at ang kanilang mġa kapatid, ayon sa kanilang mġa lahi, na siam na raan at limang puo't anim. Lahat ng mġa lalaking ito ay mġa pangulo sa mġa bahay ng mġa magulang ayon sa mġa bahay ng kanilang mġa magulang.

**10** At sa mġa sacerdote; si Jedaya, at si Jehoiarib, at si Jakin; **11** at si Azarias na anak ni Hilkias, na anak ni Mesullam, na anak ni Zadok, na anak ni Meraiot, na anak ni Ahitub, na puo sa bahay ng Dios; **12** at si Adaya na anak ni Jercham, na anak ni Pasur, na anak ni Malkijas, at si Maasai na anak ni Adiel, na anak ni Jazera, na anak ni Mesullam, na anak ni Mesillemit, na anak ni Imer; **13** at ang kanilang mġa kapatid na mġa pangulo sa mġa bahay ng kanilang mġa magulang, na isang libo at pitong daan at anim na puo; na mġa lalaking totoong bihasa sa gagawing paglilingkod sa bahay ng Dios. **14** At sa mġa Levita; si Semaya na anak ni Hasub na anak ni Azrikam, na anak ni Hasabias, sa mġa anak ni Merari; **15** at si Bakkakar, si Heres, at si Galal, at si Matanias na anak ni Mika, na anak ni Zikri, na anak ni Asaf; **16** at si Obadias na anak ni Semaya, na anak ni Galal, na anak ni Jedutun, at si Berekias na anak ni Asa na anak ni Elkana, na tumahan sa mġa nayon ng mġa Netofatita. **17** At ang mġa tagatanod pinto; si Sallum at si Akub, at si Talmon, at si Ahiman, at ang kanilang mġa kapatid; si Sallum ang puo; **18** na hangang ngayo'y namamalagi sa pintuang-daan ng hari na dakong silanganan: sila ang mġa tagatanod pinto para sa kamento ng mġa anak ni Levi. **19** At si Sallum na anak ni Kore, na anak ni Ebiasaf, na anak ni Kora, at ang kaniyang mġa kapatid, sa bahay ng kaniyang magulang; ang mġa Korita ay nasa gagawing paglilingkod, na tagapag-ingat ng mġa pintuang-daan ng tabernakulo; at ang kanilang mġa magulang ay napasa kamento ng PANGUNOON, na

tagapag-ingat ng pa-akan; 20 at si Eleazar ay puno sa kanila ng pangalang nakaraan, at ang PANGINOON ay sumasa kaniya. 21 Si Zekarias ay anak ni Meselemias ay tagatanod pinto ng dampa ng kapisanan. 22 Lahat n' ito na mga pili upang maging mga tagatanod pinto sa mga pintoang-daan ay dalawang daan at labing dalawa. Ang mga ito'y nabiliang ayon sa takan ng lahi sa kanilang mga nayon na siyang pinagkatiwalaan sa kanilang katungkulan ni David at ni Samuel na mapagkita. 23 Sa gayo'y sila, at ang kanilang mga anak ay namahala na pinakabantay sa mga pintoang-daan ng bahay ng PANGINOON, ng bahay ng tabernakulo, ayon sa paghahalinhan. 24 Nasa apat na sulok ang mga tagatanod pinto, sa dakong silanganan, kalunuran, hilagaan, at timugan. 25 At ang kanilang mga kapatid sa kanilang mga nayon ay paroroon sa bawat pitong araw, tuing kapanahunan upang sumakanila: 26 sapagka't ang apat na punction tagatanod pinto, na mga Levita, ay nasa takdang katungkulan, at nasa mga silid at sa mga ingatang yaman sa bahay ng Dios. 27 At sila'y tumigil sa palibot ng bahay ng Dios, sapagka't ang katungkulan doon ay kanila, at sa kanila nauukol ang pagbabukas tuing umaga. 28 At ang iba sa kanila ay may katungkulan sa mga kasangkapan na paglilingkod; sapagka't ayon sa bilang mga ipinapasok, at ayon sa bilang ng mga kinukuha. 29 Ang iba naman sa kanila ay mga nahalal sa kasangkapan, at sa lahat ng kasangkapan ng santuario, at sa mainam na harina, at sa alak, at sa langis, at sa pangsuoob, at sa mga pabango. 30 At ang iba sa mga anak ng mga sacerdote ay naghahanda ng pagpapasimoy ng mga pabango. 31 At si Matitias na isa sa mga Levita na siyang panganay ni Sallum na Korite may takdang katungkulan sa mga bagay na niluluto sa kawali. 32 At ang iba sa kanilang mga kapatid sa mga anak ng mga Koateo, nasa tinapay na handog upang ihanda bawat sabado. 33 At ang mga ito ang mga mang-aawit, na mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang ng mga Levita, na tumatapan sa mga silid, at mga laya sa ibang katungkulan: sapagka't sila'y nalalagay sa kanilang gagawin araw at gabí. 34 Ang mga ito ay mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang ng mga Levita, ayon sa kanilang lahi na mga lalaking puno: ang mga ito'y tumatapan sa Jerusalem.

35 At sa Gibeon tumahan ang ama ni Gibeon, si Jeiel, na ang pangalan ng kaniyang asawa ay Maaka; 36 at ang panganay niyang anak ay si Alden, at si Zur, at si Kis, at si Bual, at si Ner, at si Nadab; 37 at si Gedor, at si Abio, at si Zekarias, at si Miklot, 38 At ipinanganak ni Miklot si Simeam. At sila nuna'y tumahan na kasama ng kanilang mga kapatid sa Jerusalem, sa tapat ng kanilang mga kapatid. 39 At ipinanganak ni Ner si Kis; at ipinanganak ni Kis si Saul; at ipinanganak ni Saul si Jonatan, at si Malki-na, at si Abinadab, at si Esbaal. 40 At ang anak ni Jonatan ay si Merib-baal; at ipinanganak ni Merib-baal si Mika. 41 At ang mga anak ni Mika; si Piton, at si Melek, at si Tarea, at si Ahaz. 42 At ipinanganak ni Ahaz si Jara; at ipinanganak ni Jara si Alemet, at si Azmavet, at si Zimri; at ipinanganak ni Zimri si Moza; 43 at ipinanganak ni Moza si Binea; at si Refaya na kaniyang anak, si Eleasa na kaniyang anak, si Azel na kaniyang anak: 44 at si Azel ay nagkaroon ng anim na anak, na ang kanilang mga pangalan ay ang mga ito; si Azrikam, si Bokeru, at si Ismael, at si Searia, at si Obadias, at si Ifanan: ang mga ito ang mga naging anak ni Azel.

**10** Ang mga Filisteo nga ay bumaka laban sa Israel: at ang mga lalaki ng Israel ay tumakas sa harap ng mga Filisteo, at mga nabual na patay sa bundok ng Gilbea. 2 At ang mga Filisteo ay sumunod na mainam sa likuran ni Saul at ng kaniyang mga anak; at pinatay ng mga Filisteo si Jonatan, at si Abinadab, at si Malki-sua, na mga anak ni Saul. 3 At ang pagbabaka ay lumalang mainam laban kay Saul, at inabutan siya ng mga mamamana; at siya'y namanlaw dahil sa mga mamamana. 4 Ng magkagayo'y sinabi ni Saul sa kaniyang tagadala ng sabbat: Banutin mo ang iyong tabak, at iyong palagpasin sa akin; baka ang mga hindi tuling ito ay pumarito at magpalalo sa akin. Ngunit hindi inibig ng kaniyang tagadala ng sabbat; sapagka't siya'y totoong natakot. Kaya't kinuha ni Saul ang kaniyang tabak at nabual doon. 5 At ng makita ng kaniyang tagadala ng sabbat na si Saul ay patay, siya nuna'y nagpakabual sa kaniyang tabak at namatay. 6 Gayon namatay si Saul at ang kaniyang tatlong anak; at ang kaniyang boong bahay ay namatay na magkakasama. 7 At ng makita ng lahat

na lalaki ng Israel na nasa libis na sila'y tumakas, at si Saul at ang kaniyang mga anak ay patay, kanilang iniwan ang kanilang mga ciudad at tumakas; at ang mga Filisteo ay naparoon at tumahan sa mga yaon.

8 At nangyari ng kinaumagahan ng pumaroon upang hubaran ng mga Filisteo ang patay, na kanilang nasumpungan si Saul at ang kaniyang mga anak na bual sa bundok ng Gilboa. 9 At hinubaran nila siya at kinuha ang kaniyang ulo, at ang kaniyang sakbat, at ipinasugo sa lupain ng mga Filisteo sa palibot, upang ibalita sa kaniyang mga idolo, at sa bayan. 10 At inilagay nila ang kanilang sakbat sa bahay ng kaniyang mga dios, at ipinako ang kaniyang ulo sa bahay ni Dagon. 11 At ng marinig ng boong Jabes-gilead ang boong ginawa ng mga Filisteo kay Saul, 12 ang lahat na mata-pang na lalaki ay bumangon, at kinuha ang katawan ni Saul, at ang mga katawan ng kaniyang mga anak, at mga dinala sa Jabes, at inilibing ang kanilang mga buto sa ilalim ng encina sa Jabes, at nag-ayunong pitong araw. 13 Sa gayo'y namatay si Saul dahil sa kaniyang pagsalangsang na kaniyang nakamit laban sa PANGINOON, dahil sa salita ng PANGINOON na hindi niya iningatan; at dahil naman na siya'y nagsakdal sa may espiritu pitoniko, upang pagsiyasatan, 14 at hindi nagsiyasat sa PANGINOON: kaya't pinatay niya siya, at inilipat ang kaharian kay David na anak ni Jesse.

11 Ng magkagayo'y ang boong Israel ay nagpispisan kay David sa Hebron, na nagsabing: Narito, kami ay iyong buto at iyong laman. 2 Ng panahong nakaraan ng si Saul ay hari, ikaw ang pumapatnubay at nagpapasok sa Israel: at sinabi sa iyo ng PANGINOONG Iyong Dios: Iyong alagaan ang aking bayang Israel, at ikaw ay magiging pangulo sa aking bayang Israel. 3 Sa gayo'y lahat ng matanda sa Israel ay naparoon sa hari sa Hebron; at si David ay gumawa ng tipan sa kanila sa Hebron sa harap ng PANGINOON; at kanilang pinahiran si David na hari sa Israel, ayon sa salita ng PANGINOON sa pamamagitan ng kamay ni Samuel. 4 At si David at ang boong Israel ay naparoon sa Jerusalem (na siyang Jebus); at ang mga Jebuseo na mga mananahan sa lupain, ay nangandoon. 5 At sinabi ng mga mananahan sa Jebus kay David: Ikaw ay hindi makapapasok

rito. Gayon ma'y sinakop ni David ang katibayan ng Zion; na siyang ciudad ni David. 6 At sinabi ni David: Sino mang sumugat sa mga Jebuseo na una ay magiging puno at kapitan. At si Joab na anak ni Zeruaya ay sumampang una, at naging puno. 7 At si David ay tumahan sa katibayan; kaya't kanilang tinawag na ciudad ni David. 8 At kaniyang itinayo ang ciudad sa palibot, mula sa Millo hangang sa palibot: at pinapanauli ni Joab ang nalabi sa ciudad. 9 At si David ay lumaki ng lumaki; sapagka't ang PANGINOON ng mga hukbo ay sumasa kaniya.

10 Ang mga ito ang mga puno ng mga makapangyarihang lalaki na nasa kay David, na napakilala na malakas na kasama niya sa kaniyang kaharian, na kasama ng boong Israel, upang gawin siyang hari, ayon sa salita ng PANGINOON tungkol sa Israel. 11 At ito ang bilang ng mga makapangyarihang lalaki na nasa kay David: si Jasobeam, na anak ng isang Hakmonite na puno ng tatlong puo; siya ang nagtaas ng kaniyang sibat laban sa tatlong daan, at pinatay niya sila na paminsan. 12 At pagkatapos niya ay si Eleazar na anak ni Dodo na Aholite na isa sa tatlong makapangyarihang lalaki. 13 Siya'y kasama ni David sa Pas-damim, at doo'y ang mga Filisteo ay nagpispisan upang bumaka, na kinaroroonan ng isang pirasong lupa na puno ng cebada; at ang bayan ay tumakas sa harap ng mga Filisteo. 14 At sila'y tumayo sa gitna ng piraso at ipinagsangalang, at pinatay ang mga Filisteo; ai iniligtas ng PANGINOON sila sa pamamagitan ng isang malaking pagtatagumpay. 15 At binaba ng tatlo sa tatlong puong puno sa burol si David, sa loob ng yungib ni Adullam; at ang hukbo ng mga Filisteo ay mairorog kampaemento sa libis ng Refaim. 16 At si David nga ay nasa katibayan, at ang pulutong ng mga Filisteo ay nasa Bet-lehem nga. 17 At si David ay nagbuntong hingga, at nagsabing: ¡Oh sinong makapagbibigay sa akin ng tubig na mainom sa balon ng Bet-lehem, na nasa siping ng pintuang-daan! 18 At ang tatlo'y sumagasa sa hukbo ng mga Filisteo, at unigib ng tubig sa balon ng Bet-lehem na nasa siping ng pintuang-daan, at kinuha at dinala kay David: nguni't hindi ininom ni David yaon, kungdi ibinuhos na pinaka-inuming handog sa PANGINOON, 19 at sinabing: Huag itulot sa akin ng aking Dios na aking gawin ito: ¡iinum ko ba

ang dugo ng mga lalaking ito na itinalaga ang kanilang buhay sa pagkamatay? sapagka't sa pamumuhunan sa kanilang mga buhay ay kanilang dinala. Kaya't hindi niya inilalagan. Ang mga bagay na ito ay ginawa ng tatlong makapangyarihang lalaki. **20** At si Abissi na kapatid ni Joab, siyang puno ng tatlo: sapagka't kaniyang itinaas ang kaniyang sibat laban sa tatlong daan, at pinatay niya sila, at nagkaroon ng pangalan sa tatlo. **21** Sa tatlo, siya'y lalong marangal kay sa dalawa, at ginawang kanilang kapitan: gayon may siya'y hindi umabot sa unang tatlo. **22** Si Benaya na anak ni Jehoiada, na anak ng isang makapangyarihang lalaki sa Kabzeel, na gumawa ng mga makapangyarihang gawa. kaniyang pinatay ang dalawang anak ni Ariel na taga Moab: siya'y bumaba naman at pumatay ng isang leon sa gitna ng isang hukay sa panahon ng nieve. **23** At siya'y pumatay ng isang taga Egipto, na isang lalaking may malaking bulas, na limang siko ang taas; at sa kamay ng taga Egipto ay may isang sibat na gaya ng panghabi ng mangbahabi; at binaba niya siya na may isang tungkod, at inagaw ang sibat sa kamay ng taga Egipto, at pinatay niya siya ng kaniyang sariling sibat. **24** Ang mga bagay na ito ay ginawa ni Benaya na anak ni Jehoiada, at nagkaroon ng pangalan sa tatlong makapangyarihang lalaki. **25** Narito, siya'y lalong marangal kay sa tatlong puo, nguni't hindi siya umabot sa unang tatlo: at inilagay ni David sa kaniyang bantay.

**26** Ang mga makapangyarihang lalaki naman sa mga kawal; si Asael na kapatid ni Joab, si Elhanan na anak ni Dodo na taga Bet-lehem; **27** si Samot na Harorite, si Helez na Pelonite; **28** si Ira na anak ni Ikes na Tekoite, si Abiezer na Anatotite; **29** si Sibekai na Husatite, si Ilai na Ahoite; **30** si Maharai na Netofatite, si Heled na anak ni Baana na Netofatite; **31** si Itai na anak ni Ribai na taga Gibeon, sa mga anak ni Benjamin, si Benaya na Piratonite; **32** si Hurai sa mga batis ng Gaas, si Abiel na Arbatite; **33** si Azmavet na Baharumite, si Eliaba na Saalbonite; **34** ang mga anak ni Hasem na Gizonite, si Jonatan na anak ni Sage na Hararite; **35** si Ahiam na anak ni Sakar, na Hararite, si Elifal na anak ni Ur; **36** si Hefer na Mekeratite, si Ahija na Pelonite; **37** si Hezro na Karmelite, si Naarai na anak ni Ezbai; **38** si Joel

na kapatid ni Natan, si Mibhar na anak ni Hagri; **39** si Zelek na Ammonite, si Naarai na Berotite, na tagadala ng sakbat ni Joab na anak ni Zeruya; **40** si Ira na Itrite, si Gareb na Itrite; **41** si Urias na Hiteo, si Zabab na anak ni Ahlai; **42** si Adina na anak ni Siza na Rubenite, na puno ng mga Rubenite, at tatlong puo ang kasama niya; **43** si Hanan na anak ni Maaka, at si Josafat na Mitnite; **44**: si Uzias na Asteratite, si Sama at si Jciel na mga anak ni Hotam na Aroerite; **45** si Jedaiel na anak ni Simri; at si Joha na kaniyang kapatid, na Tizite; **46** si Eliel na Mahavita, at si Jeribai, at si Josavias na mga anak ni Elnaam, at si Itma na Moabita; **47** si Eliel, at si Obed, at si Jaasiel, na taga Mezobaite.

**12** Ang mga ito nga ang naparoon kay David sa Ziklag, samantalang siya'y nakukubli pa dahil kay Saul na anak ni Kis: at sila'y nasa mga makapangyarihang lalaki, na kaniyang mga katulong sa pakikipagbaka. **2** Sila'y nasa sakabatan ng mga bosog, at kaniyang ginagamit kapua ang kanang kamay at kilwa sa pagpapahilagpos ng mga bato, at sa pagpapahilagpos ng mga pana mula sa bosog; sila'y sa mga kapatid ni Saul sa Benjamin. **3** Ang puno ay si Abiezer, saka si Jeas, na mga anak ni Semaa na Gibeatite; at si Jeziel, at si Pelet, na mga anak ni Azmavet; at si Beraka, at si Jehu na Anatotita; **4** at si Ismaias na Gibeonite, na makapangyarihang lalaki sa tatlong puo, at higit kay sa tatlong puo; at si Jeremias, at si Jahaziel, at si Johanan, at si Jozabad na Gederatite; **5** si Eluzai, at si Jerimot, at si Bealias, at si Semarias, at si Sefatias na Harufita; **6** si Elkana, at si Isias, at si Azarel, at si Joezer, at si Jasobeam, na mga Korite; **7** at si Joela, at si Zebadiah, na mga anak ni Jeroham na taga Gedor. **8** At sa mga Gadita ay humiwalay na lumakip kay David sa katibayan sa ilang, na mga makapangyarihang lalaking may tapang, na mga lalaking bihasa sa paghabaka, na makahahawak ng kalasag at sibat; na ang mga mukha nila ay gaya ng mga mukha ng mga leon, at sila'y malik-sing gaya ng mga usa sa mga bundok; **9** si Ezer ang puno, si Obadias ang ikalawa, si Eliab ang ikatlo; **10** si Misuana ang ikaapat, si Jeremias ang ikalima; **11** si Atai ang ikaanim, si Eliel ang ikatlo; **12** si Johanan ang ikawalo, si

Elzabad ang ikasiam; 13 si Jeremias ang ikasampung, si Makbanai ang ikalabing isa. 14 Ang mga ito na mga anak ni Gad ay mga kapitan sa hukbo; ang pinakamaliliit ay katimbang ng isang daau, at ang pinakamalaki ay ng isang libo. 15 Ang mga ito ang nagdaan ng Jordan sa unang buan, ng apawan ang lahat niyang mga pangpang; at kanilang pinatakas ang lahat na sa mga libis, ang sa dakong silanganan at gayon din ang sa dakong kalupuran. 16 At naparoon ang ilan sa mga anak ni Benjamin at ni Juda sa katibayan kay David. 17 At si David ay lumabas na sinalubong sila, at sumagot at nagsabi sa kanilang: Kung kayo'y naparirirong payapa sa akin upang tulungan ako, ang aking puso ay malalakip sa inyo: nguni't kung upang pagliluhan ako sa aking mga kaaway, sa bagay ay walang kasaman sa aking mga kamay, masdan ng Dios ng ating mga magulang, at sawayin. 18 Ng magkagayo'y ang espiritu ay dumating kay Amasai, na siyang puno ng tatlong puo, at sinabi niyang: Iyo kami, David, at sa ganang iyo, anak ni Jesse: kapayapaan, kapayapaan, ang sumaiyo, at kapayapaan ang sumajyong mga katulong; sapagka't tinutulungan ka ng iyong Dios. Ng magkagayo'y tinanggap ni David sila, at ginawa silang mga kapitan sa pulutong. 19 Sa Manases naman ay humilig ang iba kay David, ng siya'y pumarong kasama ng mga Filisteo laban kay Saul upang bumaka, nguni't hindi nila tinulungan sila: sapagka't ang mga panginoon ng mga Filisteo sa payo ay pinapagpaalam, siya na sinabing: Siya'y mahihilig sa kaniyang panginoon kay Saul sa pamumuhunan ng ating mga ulo. 20 Sa pagparoon niya sa Ziklag, humilig sa kaniya kay Manases, si Adna, at si Jozabad, at si Jediael, at si Mikael, at si Jozabad, at si Eliu, at si Zilletai, na mga kapitan ng mga lilibohin na kay Manases. 21 At kanilang tinulungan si David laban sa pulutong ng mga magnanakaw: sapagka't silang lahat ay mga makapangyarihang lalaki na may tapang at mga kapitan sa hukbo. 22 Sapagka't araw-araw ay naparoon kay David upang tulungan siya, hangang sa naging malaking hukbo, na gaya ng hukbo ng Dios.

23 At ito ang bilang ng mga ulo nila na may mga sakbat para sa pagbabaka, na naparoon kay David sa Hebron, upang ibalik ang kaharian ni Saul sa kaniya, ayon sa salita ng PANGINOON. 24 Ang

mga anak ni Juda na humahawak ng kalasag at sibat ay anim na libo at walong daan, na may mga sakbat para sa pakikipagbaka. 25 Sa mga anak ni Simeon, na mga makapangyarihang lalaki na may tapang para sa pakikipagbaka, pitong libo at isang daan. 26 Sa mga anak ni Levi ay apat na libo at anim na raan. 27 At si Jehoiada ang tagapatnugot sa bahay ni Aaron, at kasama niya'y tatlong libo at pitong daan; 28 at si Zadok, na isang binatang makapangyarihan na may tapang, at sa bahay ng kaniyang ama ay dalawang puo't dalawang kapitan. 29 At sa mga anak ni Benjamin, na mga kapatid ni Saul, tatlong libo: sapagka't ang karamihan sa kanila ay nag-ingat ng kanilang pakikipagkasundo a bahay ni Saul. 30 At sa bahay ni Efraim, dalawang puong libo at walong daan, na mga makapangyarihang lalaking may tapang, mga bantog na lalaki sa mga bahay ng kanilang mga magulang. 31 At sa kalahating angkaan ni Manases ay labing walong libo, na mga nasaysay sa pamamagitan ng pangalan, upang pumaroon at gawing hari si David. 32 At sa mga anak ni Isakar, mga lalaking maalam ng panahon, upang matalastas kung ano ang marapat gawin ng Israel; ang mga puo sa kanila ay dalawang daan; at ang lahat nilang kapatid ay nasa kanilang utos. 33 Sa Zebulun ayong mga makalalabas sa hukbo, na makahahanay sa pagbabaka, na may sarisaring kasangkapan na pangbaka, na limang puong libo; at makapag-aayos sa hanay sa pagbabaka at hindi nag-aaling-langan ang loob. 34 At sa Naftali ay isang libong kapitan, at sa kasamahan nila na may kalasag at sibat ay tatlong puo't pitong libo. 35 At sa mga Danita na makahahanay sa pagbabaka, dalawang puo't walong libo at anim na raan. 36 At kay Aser ayong mga makalalabas sa hukbo, na makahahanay sa pagbabaka, apat na puong libo. 37 At sa kabilang dako ng Jordan, sa mga Rubenita, at mga Gadita, at sa kalahating angkaan ni Manases, na may sarisaring kasangkapan pangbaka sa pakikipagbaka, isang daan at dalawang puong libo. 38 Lahat ng ito na mga lalaking pangbaka na makahahanay sa pagbabaka, naparong may sakdal na puso sa Hebron, upang gawing hari si David sa heong Israel: at ang lahat na nalabi naman sa Israel ay nagkaisang loob upang gawing hari si David. 39 At sila'y dumoeng kasama ni David na tatlong araw,

na kumain at uminom: sapagka't ipinag-handa sila ng kanilang mga kapatid. **20** Bukod dito'y silang malapit sa kaniya na basinglayo ng Isakar at Zebulun, at Nafiali, nagdala ng tinapay na nasa ibabaw ng mga asno, at sa ibabaw ng mga kamello, at sa ibabaw ng mga mula, at sa ibabaw ng mga baka, mga kakaning harina, at mga buntong higos, at mga buig ng pasas, at alak, at langis, at mga baka, at mga tupa na sagana: sapagka't may kakulangan sa Israel.

**13** At sumanguni si David sa mga kapatid ng mga libuhin, at mga da-daarin, sa bawat tagapatnubay. **2** At sinabi ni David sa boong kapisanan ng Israel: Kung inaakala ninyong mabuti, at kung sa PANGINOONG ating Dios, tayo'y magsugo sa lahat ng lugar sa ating mga kapatid na naiwan sa boong lupain ng Israel, na kanilang kasama ang mga sacerdote at mga Levita sa kanilang mga ciudad na may mga nayon, upang sila'y makapagpison sa atin: **3** at ating dalhin uli ang kaban ng ating Dios sa atin: sapagka't hindi natin hinanap doon sa mga kaarawan ni Saul. **4** At ang boong kapisanan ay nagsabi na kanilang gagawing gayon: sapagka't ang bagay ay matuid sa mga mata ng boong bayan. **5** Sa gayo'y pinisan ni David ang boong Israel, mula sa Sihor, na batis ng Egipto hangang sa pasukan sa Hamat, upang dalhin ang kaban ng Dios mula sa Kiriat-jearim. **6** At si David ay sumampa, at ang boong Israel, sa Baala, na sa Kiriat-jearim, na naukol sa Juda, upang isampa mula doon ang kaban ng Dios, ng PANGINOON na nauupo sa mga kerubin, na tinatawag ayon Pangalan. **7** At kanilang dinala ang kaban ng Dios na nakasakay sa isang bagong karro, at inilabas sa bahay ni Abinadab: at pinalakad ni Uzza at ni Ahio ang karro. **8** At si David at ang boong Israel ay nagsaya sa harap ng Dios ng kanilang boong kawangyarihan: ng mga awit, at ng mga alpa, at ng mga salterio, at ng mga pandereta, at ng mga cimbal, at ng mga pakakak. **9** At ng sila'y dumating sa gliikan ng Kidon, ininurat ni Uzza ang kaniyang kamay upang hawakan ang kaban; sapagka't ang mga baka ay natisod. **10** At ang galit ng PANGINOON ay nag-alab laban kay Uzza, at sinugatan niya siya, sapagka't kaniyang ininurat ang kaniyang kamay sa kaban; at doo'y namatay siya sa harap ng Dios. **11** At hindi nalugod si David, sapagka't nag-

putok ang galit ng PANGINOON kay Uzza: at kaniyang tinawag ang lugar na yaon na Perez-uzza hangang sa araw na ito. **12** At si David ay natakot sa Dios ng araw na yaon, na nagsabing: ¿Paanong aking inuwi sa bahay ang kaban ng Dios sa akin? **13** Sa gayo'y hindi inilipat ni David ang kaban sa kaniya sa ciudad ni David, kungdi nilisan ang daan at dinala sa bahay ni Obed-edom na Giteo. **14** At ang kaban ng Dios ay naiwan sa sambayanan ni Obed-edom sa kaniyang bahay na tatlong buan: at pinagpala ng PANGINOON ang bahay ni Obed-edom, at ang boo niyang tinatankilik.

**14** At si Hiram na hari sa Tiro ay nag-sugo ng mga sugo kay David, at nagpalala ng mga puno ng cedro, at mga manghilihichura ng bato, at mga anloagi, upang ipagtayo siya ng bahay. **2** At nahalata ni David na itinatag siyang hari ng PANGINOON sa Israel, sapagka't ang kaniyang kaharian ay nataas ng mataas, dahil sa kaniyang bayang Israel.

**3** At si David ay nag-asawa pa sa Jerusalem: at si David ay nagkaanak pa ng mga lalaki at mga babaye. **4** At ito ang mga pangalan ng mga naging anak niya sa Jerusalem: si Samua, at si Sobab, si Natán, at si Solomon; **5** at si Ibhár, at si Elisua, at si Elpelet; **6** si Noga, at si Nefeg, at si Jafia; **7** at si Elisama, at si Beeliada, at si Elifelet.

**8** At ng marinig ng mga Filisteo na si David ay pinahirang hari sa boong Israel, lahat ng mga Filisteo ay sumampa upang harapin si David; at narinig ni David, at lumabas laban sa kanila. **9** Ang mga Filisteo nga ay dumating at sumansam sa libis ng Refaim. **10** At si David ay nag-usisa sa Dios, na nagsabing: ¿Sumampa ba ako laban sa mga Filisteo? ¿at iyo bang mga ibibigay sa aking kamay? At sinabi ng PANGINOON sa kaniya: Sumampa ka: sapagka't aking ibibigay sila sa iyong kamay. **11** Sa gayo'y sila'y sumampa sa sa Baal-perazim, at mga sinugatan ni David doon; at sinabi ni David: Nilansag ng Dios ang aking mga kaaway sa pamamag-itan ng aking kamay, na parang laha ng tubig. Kaya't kanilang tinawag ang pangalan ng lugar na yaon na Baal-perazim. **12** At kanilang iniwan ang kanilang mga dios doon; at nagutos si David, at mga sinunog ng apoy. **13** At sumansam pa uli ang mga Filisteo sa libis. **14** At si David ay nag-usisa pa uli sa Dios; at sinabi ng Dios sa kani-



yang: Huag kang sasampung kasunod nila; likuan mo sila, at pumaron ka sa kanila sa tapat ng mga puno ng morales. **15** At mangyayari, pagka iyong narinig ang hugong ng lakad sa mga dulo ng mga puno ng morales, na ikaw nga ay lalabas sa pakikipagbaka: sapagka't ang Dios ay yumaon sa unahan mo upang sugatan ang hukbo ng mga Filisteo. **16** At ginawa ni David kung ano ang iniutos sa kaniya ng Dios: at kanilang sinugatan ang hukbo ng mga Filisteo mula sa Gibeon hangang sa Gezer. **17** At ang kabantugan ni David ay nakalat sa lahat ng lupain; at dinala ng PANGINOON ang takot sa kaniya sa lahat na nasyon.

**15** At gumawa si David sa kaniya ng mga bahay sa ciudad ni David; at siya'y naghanda ng isang lugar para sa kaban ng Dios, at naglagay para doon ng isang dampa. **2** Ng magkagayo'y sinabi ni David: Walang makapagdadalang kababang ng Dios kungdi ang mga Levita: sapagka't sila ang pinili ng PANGINOON upang magdala ng kaban ng Dios, at upang mamahala sa kaniya magpakailan man. **3** At pinisan ni David ang boong Israel sa Jerusalem, upang isampa ang kaban ng PANGINOON sa lugar na pinaghandaan. **4** At pinisan ni David ang mga anak ni Aaron at ang mga Levita: **5** sa mga anak ni Koat; si Uriel na puno, at ang kaniyang mga kapatid ay isang daan at dalawang puo; **6** sa mga anak ni Merari; si Asaya na puno, at ang kaniyang mga kapatid ay dalawang daan at dalawang puo; **7** sa mga anak ni Gersom; si Joel na puno, at ang kaniyang mga kapatid ay isang daan at tatlong puo; **8** sa mga anak ni Elizafan; si Semaya na puno, at ang kaniyang mga kapatid ay dalawang daan: **9** sa mga anak ni Hebron; si Eliel na puno, at ang kaniyang mga kapatid ay walong puo; **10** sa mga anak ni Uziel; si Aminadab na puno, at ang kaniyang mga kapatid ay isang daan at labing dalawa. **11** At pinatawag ni David si Zadok at si Abiatar na mga sacerdote, at ang mga Levita, si Uriel, si Asaya, at si Joel, at si Semaya, at si Eliel, at si Aminadab. **12** At sinabi sa kanilang: Kayo ang mga puno sa mga bahay ng mga magulang ng mga Levita: magpakasanto kayo, kayo at gayon din ang inyong mga kapatid, upang inyong maisampa ang kaban ng PANGINOON, ng Dios ng Israel, hangang sa lugar na aking pinaghandaan. **13** Sapagka't dahil sa

hindi ninyo *dinala* ng una, ang PANGINOON ating Dios ay nagpuputok sa *galit* sa atin, sapagka't hindi natin hinanap siya ayon sa utos. **14** Sa gayo'y ang mga sacerdote at ang mga Levita ay nagpakasanto, upang isampa ang kaban ng PANGINOON, ng Dios ng Israel. **15** At pinasan ng mga anak ng mga Levita ang kaban ng Dios sa kanilang mga balikat sa pamamagitan ng mga pinga noon, gaya ng iniutos ni Moises ayon sa salita ng PANGINOON. **16** At si David ay nagsalita sa puno ng mga Levita, na ihalal ang kanilang mga kapatid na mang-aawit, na may mga instrumento ng musika, mga salterio, at mga alpa, at mga cimbal, upang mag-ingay ng malakas, at inilakas ang voces na may kagalakan. **17** Sa gayo'y inihalal ng mga Levita si Heman na anak ni Joel; at sa kaniyang mga kapatid ay si Asaf na anak ni Berekias; at sa mga anak ni Merari na kanilang mga kapatid, ay si Etan na anak ni Kusias; **18** at sa kasamahan nila, ang kanilang mga kapatid sa ikalawang hanay, si Zekarias, si Ben, at si Jaaziel, at si Semiramot, at si Jehiel, at si Uni, si Eliab, at si Benaya, at si Maaseias, at si Matitias, at si Elifelehu, at si Miknias, at si Obed-edom, at si Jeiel, na mga tagatanod pinto. **19** Sa gayo'y ang mga mang-aawit si Heman, si Asaf, at si Etan, ay nahalal na may mga cimbalong tanso upang patungging malakas; **20** at si Zekarias, at si Aziel, at si Semiramot, at si Jehiel, at si Eliab, at si Maaseias, at si Benaya, na may mga salterio ay inihanda sa Alamot; **21** at si Matitias, at si Elifelehu, at si Mikneias, at si Obed-edom, at si Jeiel, at si Azarias, na may mga alpa na inihanda sa Seminit, upang mag-ayos sa pag-aawit. **22** At si Kenanias, na puno ng mga Levita, nasa awitan: siya ang nagtuturo tungkol sa pag-aawit, sapagka't siya'y bihasa. **23** At si Berekias, at si Elkana ay mga tagatanod pinto para sa kaban. **24** At si Sebanias, at si Josafat, at si Netanel, at si Amasai, at si Zekarias, at si Benaya at si Eliezer na mga sacerdote, humihihip ng mga pakakak sa harap ng Dios: at si Obed-edom at si Jehias ay mga tagatanod pinto para sa kaban. **25** Sa gayo'y si David, at ang mga matanda sa Israel, at ang mga kapitan sa mga lilibuhin, ay yumaon upang isampa ang kaban ng tipan ng PANGINOON mula sa bahay ni Obed-edom ng kagalakan; **26** at nangyari, pagka tinulungan ng Dios ang mga

Levita na nagdadala ng kaban ng tipan ng PANGINOON, na sila'y naghahayin ng pitong baka at pitong tupa. **27** At si David ay nababalot ng isang balabal na pinong kayong puti, at ang lahat na Levita na nagpapasan ng kaban, at ang mga mang-aawit, at si Kenaniah na nagtuturo ng awit sa mga mang-aawit: at si David ay mai-roong isang efod na kayong puti. **28** Gayon isinampa ng boong Israel ang kaban ng tipan ng PANGINOON na may mga sututan, at may mga tunog ng korneta at mga pakakak, at may mga cimballo, na tumutunog ng malakas ang mga salterio at ang mga alpa. **29** At nangyari, samantalang ang kaban ng tipan ng PANGINOON ay dumarating sa ciudad ni David, na si Mikal na anak ni Saul ay tumanaw sa dumagawan, at nakita niya ang haring David na sumasayaw at tumutugtog; at kaniyang niwalang kabuluhan siya sa kaniyang puso.

**16** At kanilang ipinasok ang kaban ng Dios, at inilagay sa gitna ng dampa na itinayo ni David para doon: at sila'y naghandog ng mga handog na susunugin, at mga handog tungkol sa kapayapaan sa harap ng Dios. **2** At ng si David ay makatapos na maghandog ng handog na susunugin at ng mga handog tungkol sa kapayapaan, kaniyang biras-basan ang bayan sa pangalan ng PANGINOON. **3** At siya'y nagbigay sa bawat isa sa Israel, sa lalaki at gayon din sa babaye, sa bawat isa ng isang pirasong tinapay, at ng isang bahaging laman, at i-ang buig na pasas.

**4** At siya'y naghalal ng ilan sa mga Levita upang mamabala sa harap ng kaban ng PANGINOON, at upang magdiwang, at magpasalamat, at pumuri sa PANGINOON, sa Dios ng Israel: **5** si Asaf ang puno, at ang ikalawa niya'y si Zekarias, si Jeiel, at si Semiramot, at si Jehiel, at si Matitias, at si Eliab, at si Benaya, at si Obed-edom, at si Jeiel, na may mga salterio at mga alpa; at si Asaf na may mga cimballo, na tumutunog ng malakas; **6** at si Benaya at si Jahaziel na mga sacerdot na may mga pakakak na palagi, sa harap ng kaban ng tipan ng Dios.

**7** Ng magkagayo'y ng araw na yao'y ang unang iniutos ni David ay magpasalamat sa PANGINOON, sa pamamagitan ng kamay ni Asaf at ng kaniyang mga kapatid.

**8** Oh kayo'y magpasalamat sa PANGINOON, tumawaq kayo sa kaniyang pangalan,

Ipakilala ninyo ang kaniyang mga gawa sa mga bayan.

**9** Kayo'y umawit sa kaniya, umawit kayo ng mga pagpuri sa kaniya; Salitain ninyo ang lahat niyang mga kamanghamanghang gawa.

**10** Lumalhati kayo sa kaniyang santong pangalan:

Magalak ang kanilang puso na humahanap sa PANGINOON.

**11** Hanapin ninyo ang PANGINOON at ang kaniyang lakas;

Hanapin ninyo ang kaniyang mukha na palagi.

**12** Inyong alalahanin ang kaniyang kamanghamanghang mga gawa na kaniya-g ginawa;

Ang kaniyang mga kababalaghan, at ang mga kahatulan ng kaniyang libig;

**13** Oh kayong binhi ni Israel na kaniyang alipin,

Kayong mga anak ni Jakob na kaniyang pili.

**14** Siya ang PANGINOONG ating Dios:

Ang kaniyang mga kahatulan ay nasa boong lupa.

**15** Inyong alalahanin ang kaniyang tipan magpakailan man,

Ang salita na kaniyang iniutos sa libong mga lali;

**16** Ang tipan na kaniyang ginawa kay Abraham,

At ang kaniyang sumpa kay Isaak;

**17** At patotohanan yaon kay Jakob na pinaka palatuntunan.

Kay Israel na pinaka walang hangang tipan:

**18** Na sinabing: Sa iyo'y ibibigay ko ang lupain ng Kanaan,

Ang kapalaran na inyong mana:

**19** Ng kayo'y kaonting tawo lamang sa bilang;

Oo, totoong kaonti, at mga mangingibang bayan doon;

**20** At sila'y yumaon sa nacion at nacion, At mula sa isang kaharian hangang sa ibang bayan.

**21** Hindi niya tiniis na sino mang lalaki ay gumawa ng pag-api sa kanila;

Oo kaniyang sinaway ang mga hari dahil sa kanila;

**22** Na sinabing: Huag ninyong galawin ang aking mga pinahiran,

At huag ninyong saktan ang aking mga profeta.

**23** Kayo'y umawit sa PANGINOON, boong lupa,

- Ihayag ninyo ang kaniyang paglilitas sa araw araw.
- 24 Ipagdiwang ninyo ang kaniyang kaulalhatian sa gitna ng mga nasyon, Ang kaniyang mga kamanghamanghang gawa sa gitna ng lahat ng bayan.
- 25 Sapagka't dakila ang PANGINOON, at *marapat na purihing mainam*: Siya nama'y marapat na katakutan ng higit sa lahat na dios.
- 26 Sapagka't lahat ng dios sa mga bayan ay mga idolo: Nguni't ang PANGINOON ang lumikha ng mga langit.
- 27 Karangalan at kamahalan ang nasa harap niya: Kalakasan at kasayahan ang nasa kaniyang tahanan.
- 28 Kayo'y magbigay sa PANGINOON, kayong mga kamag-anakan ng mga bayan, Magbigay kayo sa PANGINOON ng kaulalhatian at ng kalakasan.
- 29 Inyong ibigay sa PANGINOON ang kaulalhatiayang marapat sa kaniyang pangalan: Magdala kayo ng handog, at pumarooon kayo sa harap niya: Inyong sambahin ang PANGINOON sa kagandahan ng pagkasanto.
- 30 Manginig sa harap niya ang boong lupa: Ang sanglibutan nama'y natatag na hindi makikilos.
- 31 Magsaya ang mga langit at magalak ang lupa; At sabihin nila sa gitna ng mga nasyon: Ang PANGINOON ay naghari.
- 32 Umugong ang dagat at ang kapunungan; Matua ang parang at ang lahat na nandoon;
- 33 Kung magkagayo'y aawit ang mga puno ng kahoy sa gubat dahil sa kagalakan sa harap ng PANGINOON, Sapagka't siya'y naparirito upang hatulan ang lupa.
- 34 Oh kayo'y magpasalamat sa PANGINOON; sapagka't siya'y mabuti: Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 35 At sabihin ninyong: Iligtas mo kami; Oh Dios ng aming kaligtasan, At pisanin mo kami, at iligtas mo kami sa mga nasyon,
- Upang kami ay pasalamat sa iyong santong pangalan,  
At magtagumpay sa iyong kapurihan,
- 36 Purihin ang PANGINOON, ang Dios ng Israel,  
Mula sa walang hangan hangang sa walang hangan.  
At sinabi ng boong bayang: Siya nawa: at pinturi ang PANGINOON.
- 37 Sa gayo'y iniwan niya roon sa harap ng kaban ng tipan ng PANGINOON, si Asaf at ang kaniyang mga kapatid upang mamahala sa harap ng kaban na palagi, gaya ng kinakailangan ng gawa sa araw araw: 38 at si Obed-edom na kasama ng kanilang mga kapatid, na anim na puo't walo: si Obed-edom din na anak ni Jeduton at ni Hosa upang maging mga tagatanod pinto: 39 at si Zadok na sacerdote at ang kaniyang mga kapatid na mga sacerdote, sa harap ng tabernakulo ng PANGINOON sa mataas na lugar na nasa Gibeon, 40 upang maghandog ng mga handog na susunugin sa PANGINOON, sa ibabaw ng altar ng handog na susunugin palagi na umaga at hapon, ayon sa lahat na nasulat sa kautusan ng PANGINOON na kaniyang iniutos sa Israel; 41 at sa kasamahan nila'y si Heman at si Jeduton, at ang nalabi sa mga pili, na mga nasaysay sa pangalan upang pasalamat sa PANGINOON, sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man; 42 at sa kasamahan nila si Heman at si Jeduton na may mga pakakak at mga cimbal para doon sa mga magpapatunog ng malakas, at may mga instrumento para sa mga awit sa Dios: at ang mga anak ni Jeduton upang malagay sa pintuang-daan. 43 At ang boong bayan ay umuwi bawa't tawo sa kaniyang bahay: at si David ay bumalik upang basbasan ang kaniyang bahay.
- 17 At nangyari, ng si David ay tumahan sa kaniyang bahay, na sinabi ni David kay Natan na profeta: Narito, ako'y tumatahan sa isang bahay na cedro, nguni't ang kaban ng tipan ng PANGINOON ay sa ilalim ng mga tabing. 2 At sinabi ni Natan kay David: Gawin mo ang boong nasa iyong puso; sapagka't ang Dios ay sumasaiyo. 3 At nangyari, ng galing yaon, na, ang salita ng Dios ay dumating kay Natan na nagsabing: 4 Ikaw ay yumaon at saysayin mo kay David na aking aliping: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Ikaw ay hindi magta-

tayo sa akin ng bahay na matatahanan: 5 sapagka't hindi ako tumahan sa bahay mula ng araw na aking isampa ang Israel, hangang sa araw na ito; kungdi ako'y yumaon sa dampat' dampat, at sa tabernakulo't tabernakulo. 6 Sa lahat ng lugar na aking nilakaran na kasama ang boong Israel: 7 ako ba'y nagsalita ng isang salita sa sino man sa mga hukom sa Israel, na siyang aking inutusan magpakain sa aking bayan, na nagsabing: 8 Bakit hindi ninyo ako ipinatayo ng bahay na cedro? 9 Ngayon nga'y, ganito ang iyong sasabihin sa aking aliping kay David: Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Kita'y kinuha sa pasubaban, sa pagsunod sa mga tupa, upang ikaw ay maging pangulo sa aking bayang Israel: 10 at ako'y sumaiyo saan ka man naparoon, at aking inihawalay ang lahat na iyong mga kaaway sa harap mo; at gagawin kitang isang pangalan, na gaya ng pangalan ng mga malaki na nasa lupa. 11 At aking ipaghabalal ng isang lugar ang aking bayang Israel, at mga itatanim sila, upang sila'y makatahan sa kanilang sariling lugar, at huag ng mahago pa; o mga sisirain pa man sila ng mga anak ng kasaman, na gaya ng una. 12 at gaya ng araw na aking ihalal ang mga hukom upang malagay sa aking bayang Israel; at aking pasusukuin ang lahat mong mga kaaway. Bukod dito ay isinasaysay ko sa iyo na ipagtatayo ka ng PANGINOON ng isang bahay. 13 At mangyayari, pagka ang mga araw ay nalubos na ikaw ay narapat yumaon upang maging kasama ng iyong mga magulang, na aking ilalagay ang iyong binhi pagkamatay mo, na magiging sa iyong mga anak; at aking itatatag ang kaniyang kaharian. 14 Kaniyang ipagtatayo ako ng isang bahay, at aking itatatag ang kaniyang luktukan magpakailan man. 15 Ako'y magiging kaniyang ama, at siya'y magiging aking anak: at hindi ko na aalisin ang aking kaawaan sa kaniya, gaya ng aking pagkakaba doon sa nauna sa iyo. 16 kungdi siya'y iding ilalagay sa aking bahay at sa aking kabitan magpakailan man: at ang kaniyang luktukan ay matatatag magpakailan man. 17 Ayon sa lahat na mga salitang ito, at ayon sa boong malikmatang ito, gayon sinalita ni Natan kay David.

18 Ng magkagayo'y yumaon ang haring David at naupo sa harap ng PANGINOON: at kaniyang sinabing: 19 Sino ako,

Oh PANGINOONG Dios, at ano ang aking bahay na ako'y dinala mo sa ganiyang kalayo? 17 At ito'y munting bagay sa iyong mga mata, Oh Dios; ngunit iyong sinalita tungkol sa bahay ng iyong alipin ang hanga ng sa malaong panahong darating, at ako'y iyong nilingap na ayon sa kalagayan ng isang tawo na may mataas na kalagayan, Oh PANGINOONG Dios. 18 Ano pa ang masasabi ni David sa iyo, tungkol sa karanalang ginawa sa iyong alipin? Sapagka't iyong kinilala ang iyong alipin. 19 Oh PANGINOON, dahil sa bagay ng iyong alipin, at ayon sa iyong saril ng puso, iyong ginawa ang boong kadakilaang ito, upang ipakilalang lahat na mga dakilang bagay na ito. 20 Oh PANGINOON, walang gaya mo, o mairoon mang sino mang Dios liban sa iyo, ayon sa lahat naming narinig ng aming mga pakinig. 21 At anong nasyon sa lupa ang gaya ng iyong bayang Israel, na tinubos ng Dios upang maging kaniyang sariling bayan, upang gawin kang pangalan sa pamamagitan ng malaki at kakilakilabot na mga bagay, sa pagpapalayas ng mga nasyon sa harap ng iyong bayan, na iyong tinubos sa Egipto? 22 Sapagka't ang iyong bayang Israel ay iyong ginawang iyong sariling bayan magpakailan man; at ikaw PANGINOON, naging kanilang Dios. 23 At ngayon, Oh PANGINOON, matatag ang salita na iyong sinalita tungkol sa iyong alipin, at tungkol sa kaniyang bahay magpakailan man, at gawin mo na gaya ng iyong sinalita. 24 At ang iyong pangalan ay mamalagi, at dakilain magpakailan man, na sabihing: Ang PANGINOON ng mga hukbo ay Dios ng Israel, Dios sa Israel: at ang bahay ni David na iyong alipin ay natatag sa harap mo. 25 Sapagka't ikaw, Oh aking Dios, nagpahayag sa iyong alipin na iyong ipagtatayo siya ng bahay: kaya't nasumpungan ng iyong alipin sa kaniyang puso na dumalangin sa harap mo. 26 At ngayon, Oh PANGINOON, ikaw ang Dios, na iyong ipinangako ang dakilang bagay na ito sa iyong alipin: 27 at ngayon'y kinalugdan mong pagpalala ang bahay ng iyong alipin, upang mamalagi magpakailan man sa harap mo: sapagka't ikaw Oh PANGINOON, iyong pinagpala, at magiging mapalad magpakailan man.

18 At pagkatapos nito'y nangyari, na sinugatan ni David ang mga Filisteo, at mga pinasuko, at kinuha ang Ger: at ang mga bayan noon sa kamay ng mga

Filisteo. **2** At sinugatan niya ang Moab; at ang mga Moabita ay naging alipin ni David, at nagsipagdala ng mga kaloo. **3** At sinugatan ni David si Hadarezer na hari sa Zoba sa Hamat, samantalang kaniyang itinatag ang kaniyang kapangyarihan sa siping ng ilog Eufates. **4** At kumula si David sa kaniya ng isang libong karro, at pitong libong mangangabayo, at dalawang puong libong naglalakad: at pinilayan ni David ang labat ng mga kabayo ng mga karro, nguni't nagtira sa kanila para sa isang daang karro. **5** At ng ang mga taga Syria sa Damasko ay pumaroon upang sumaklolo kay Hadarezer na hari sa Zoba, sumingat si David sa mga taga Syria ng dalawang puot dalawang libong lalaki. **6** Ng magkagayo'y naglagay si David ng mga pulutong sa Syria sa Damasko; at ang mga taga Syria ay naging mga alipin ni David, at nagsipagdala ng mga kaloo. **7** At binigyan ng PANGINOON ng pagtatagumpay si David saan man siya naparoon. **8** At kinuha ni David ang mga kalasag na ginto, na nangasa mga lingkod ni Hadarezer, at mga dinala sa Jerusalem. **9** At mula sa Tibhat at mula sa Kun, na mga ciudad ni Hadarezer, kumuha si David ng totoong maraming tanso, na siyang ginawa ni Solomon na dagat na tanso, at mga haligi, at mga kasangkapang tanso. **10** At ng marinig ni Tou na hari sa Hamat na sinugatan ni David ang boong hukbo ni Hadarezer na hari sa Zoba, **11** kaniyang sinugo si Hadoram na kaniyang anak sa haring David, upang bumati sa kaniya, at basbasan siya, sapagka't siya'y bumaka laban kay Hadarezer at sinugatan niya siya; sapagka't si Hadarezer ay may mga pakikipagbaka kay Tou; at siya'y nagdala ng lahat na sarisaring kasangkapang ginto, at pilak, at tanso. **12** Ang mga ito naman ay itinalaga ng haring David sa PANGINOON, sampuo ng pilak at ginto na kaniyang kinuha sa lahat na mga nasyon; na mula sa Edom, at mula sa Moab at mula sa mga anak ni Ammon, at mula sa mga Filisteo, at mula sa Amalek. **13** Bukod dito'y si Abisai na anak ni Zeruaya ay sumugat sa mga Edomeo sa Libis ng Asin, ng labing walong libo. **14** At naglagay si David ng mga pulutong sa Edom; at labat ng Edomeo ay naging mga alipin ni David. At binigyan ng pagtatagumpay ng PANGINOON si David saan man siya naparoon.

**14** At si David ay naghari sa boong Israel; at siya'y gumawa ng kahatulan at ng katuiran sa boong bayan niya. **15** At si Joab na anak ni Zeruaya ay nasa hukbo; at si Jehosafat na anak ni Ahilud ay tagapagpaulala. **16** At si Zadok na anak ni Ahitub, at si Abimelek na anak ni Abiatar, ay mga sacerdote; at si Sava ay kalihim; **17** at si Benaya na anak ni Jehoiada ay nasa mga Kereteo at sa mga Peleteo; at ang mga anak ni David ay mga puno sa siping ng hari.

**19** At nangyari, pagkatapos nito, na si Nahas na hari sa mga anak ni Ammon ay namatay, at ang kaniyang anak ay naghari na kahalili niya. **2** At sinabi ni David: Ako'y magpapakita ng kagandahang-loob kay Hanun na anak ni Nahas, sapagka't ang kaniyang ama ay nagpakita ng kagandahang-loob sa akin. Sa gayo'y nagsugo si David ng mga sugo upang aliwin siya tungkol sa kaniyang ama. At ang mga lingkod ni David ay naparoon sa lupain ng mga anak ni Ammon kay Hanun, upang aliwin siya. **3** Nguni't sinabi ng mga pangulo ng mga anak ni Ammon kay Hanun: Inaakala mo bang pinararangalan ni David ang iyong ama, na siya'y nagsugo ng mga mang-aaliw sa iyo? Hindi ba ang kaniyang mga lingkod ay naparoon sa iyo upang kumilala, at upang gibain, at upang tumiktik sa lupain? **4** Sa gayo'y kinuha ni Hanun ang mga lingkod ni David, at mga inahitan, at ginupitan ang kanilang mga suot sa gitna hangang sa kanilang pigi, at mga pinagpaalam. **5** Ng magkagayo'y naparoon ang iba at nagsaysay kay David kung paanong dinuhagi ang mga lalaki. At kaniyang sinugong salubungin sila; sapagka't ang mga lalaki ay nangapahiyang mainam. At sinabi ng haring: Kayo'y maghintay sa Jeriko hangang sa ang inyong balbas ay tumubo, at kung magkagayo'y magbalik kayo. **6** At ng makita ng mga anak ni Ammon na sila'y naging nakapopoot kay David, si Hanun at ang mga anak ni Ammon ay nagpadala ng isang libong talentong pilak, upang umupa sa kanila ng mga karro, at mga mangangabayo mula sa Mesopotamia, at mula sa Aram-maaka, at mula sa Zoba. **7** Sa gayo'y umupa sila sa kanila ng tatlong puot dalawang libong karro, at sa hari sa Maaka at sa kaniyang bayan; na siyang pumaroon at nagtayo ng kamento sa harap ng Me-

deba. At ang mga anak ni Ammon ay nagpipisan mula sa kanilang mga ciudad, at naparoon upang makipagbaka. **8** At ng marinig ni David, kaniyang sinugo si Joab at ang boong hukbo ng makapang-yarihang mga lalaki. **9** At ang mga anak ni Ammon ay lumabas, at humanay ng pagbabaka sa pintuang-daan ng ciudad: at ang mga hari na naparoon ay nangag-isa sa parang. **10** Ng makita ni Joab nga na ang pagbabaka ay nahahanay laban sa kaniya sa harapan at sa likuran, pinili niya yaong mga piling lalaki sa Israel, at mga inihanay laban sa mga taga Syria. **11** At ang nalabi sa bayan ay kaniyang ipinamahala sa kamay ng kaniyang kapatid na si Abisai, at sila'y humanay laban sa mga anak ni Ammon. **12** At sinabi niyang: Kung ang mga taga Syria ay manaig sa akin, iyo ngang tutulungan ako: ngunit kung ang mga anak ni Ammon ay manaig sa iyo, akin ngang tutulungan kita. **13** Magpakatapang kang mabuti at ating ipakipaglaro ang mga lalaki dahil sa ating bayan, at sa mga ciudad ng ating Dios; at gawin ng PANGINOON ang inaakala niyang mabuti. **14** Sa gayo'y si Joab at ang bayan na nasa kaniya ay lumapit sa harap ng mga taga Syria sa pakikipagbaka; at sila'y tumakas sa harap niya. **15** At ng makita ng mga anak ni Ammon na ang mga taga Syria ay tumakas, sila nama'y tumakas sa harap ni Abisai na kaniyang kapatid, at pumasok sa ciudad. Ng magkagayo'y si Joab ay naparoon sa Jerusalem. **16** At ng makita ng mga taga Syria na sila'y nalagay sa kasam-an sa harap ng Israel, sila'y nagsugo ng mga sugo, at dinala ang mga taga Syria na nandoon sa dako roon ng Ilog, na kasama ni Sofak na kapitan sa hukbo ni Hadarezer sa kanilang unahan. **17** At nasaysay kay David; at kaniyang pinisan ang boong Israel, at nagdaan ng Jordan, at naparoon sa kanila, at humanay laban sa kanila. Sa gayo'y, ng humanay ng pagbabaka si David laban sa mga taga Syria, sila'y bumaka sa kaniya. **18** At ang mga taga Syria ay tumakas sa harap ng Israel; at si David ay pumatay sa mga taga Syria ng mga tawo, ng pitong libong karro, at apat na puong libong naglalakad, at pinatay si Sofak na kapitan sa hukbo. **19** At ng makita ng mga lingkod ni Hadarezer na sila'y nalagay sa kasam-an sa harap ng Israel, sila'y nakipagpayapaan kay David, at naglingkod sa kaniya: at hindi tumulong pa man

ang mga taga Syria sa mga anak ni Ammon.

**20** At nangyari, sa panahon ng pagla-balik ng taon, sa panahong ang mga hari ay lumabas sa pagbabaka, na pinatubayan ni Joab ang kapangyarihan ng kawal, at sinira ang lupain ng mga anak ni Ammon, at naparoon at kinulong ang Rabba. Ngunit si David ay naghintay sa Jerusalem. At sinungatan ni Joab ang Rabba, at sinira. **2** At kinula ni David ang korona ng kanilang hari sa ibabaw ng kaniyang ulo, at nasumpungang may timbang na isang talentong bato doon: at naputong sa ulo ni David: at kaniyang inilabas ang samsam sa ciudad, na totoong marami. **3** At kaniyang inilabas ang bayan na nandoon, at pinutol ng mga lagari, at ng mga pangpatag na bakal, at ng mga palakol. At ganito ang ginawa ni David sa lahat ng ciudad ng mga anak ni Ammon. At si David at ang boong bayan ay nagbalik sa Jerusalem.

**4** At nangyari, pagkatapos nito, na nagbangon ng pagbabaka sa Gezer laban sa mga Filisteo: ng magkagayo'y pinatay ni Sibekai na Husatita si Sipai, sa mga anak ng mga higante: at sila'y sumuko. **5** At nagkaroon uli ng pagbabaka laban sa mga Filisteo; at pinatay ni Elhanan na anak ni Jair si Lahmi na kapatid ni Goliath na Giteo, na ang tukod ng sibat niya ay gaya ng panghabi ng manghababi. **6** At nagkaroon uli ng pagbabaka sa Gat, na doo'y may isang lalaking may malaking bulas, na ang mga daliri ng kamay at paa ay dalawang puot apat, anim sa bawat kamay at anim sa bawat paa; at siya nama'y ipinanganak sa higante. **7** At ng kaniyang dustain ang Israel, pinatay siya ni Jonatan na anak ni Simea na kapatid ni David. **8** Ang mga ito ang ipinanganak sa higante sa Gat, at sila'y nabual sa pamamagitan ng kamay ni David, at sa pamamagitan ng kamay ng mga lingkod niya.

**21** At si Satan ay tumayo laban sa Israel, at kinilos si David na bilangin ang Israel. **2** At sinabi ni David kay Joab, at sa mga pangulo ng bayan: Kayo'y yumaon, bilangin ninyo ang Israel mula sa Beer-seba hangang sa Dan; at dalhan mo ako ng salita, upang aking malaman ang bilang nila. **3** At sinabi ni Joab. Ginawa ng PANGINOON ang kaniyang bayan na makasandaang higit sa dami

nila: nguni't panginoon ko na hari, ¿di ba silang lahat ay mga alipin ng aking panginoon? ¿bakit inuusisa ng panginoon ko ang bagay na ito? ¿bakit sila'y magiging kadahilanan ng sala sa Israel? **4** Gayon ma'y ang salita ng hari ay nanaig laban kay Joab. Kaya't si Joab ay yumaon, at naparoon sa boong Israel, at dumating sa Jerusalem. **5** At ibinigay ni Joab ang kabilangan ng bilang ng bayan kay David. At silang lahat na taga Israel ay makalabing isang daang libong libo na mga humahawak ng tabak: at ang Juda ay apat na daan at pitong puong libong lalaki na humahawak ng tabak. **6** Nguni't ang Levi at ang Benjamin ay hindi binilang sa kanila; sapagka't ang salita ng hari ay kasuklamsklam kay Joab. **7** At sumama ang loob ng Dios sa mga bagay na ito; kaya't kaniyang sinugatan ang Israel. **8** At sinabi ni David sa Dios. Ako'y nagkasala ng mabigat sa aking paggawa ng bagay na ito: nguni't ngayo'y alisin mo, ipinamamanhik ko sa iyo, ang kasam-an ng iyong alipin; sapagka't aking ginawang may kamangmangan. **9** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Gad na tagakita ni David, na sinabing: **10** I-kaw ay yumaon at magsalita kay David na sabihing: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Hinahandugan kita ng tatlong bagay; pumili ka ng isa sa kanila upang aking magawa sa iyo. **11** Sa gayo'y naparoon si Gad kay David, at nagsabi sa kaniyang: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Kunin mo ang iniibig mo: **12** tatlong taong kagutom; o tatlong buan na pagkalipol sa harap ng iyong mga kagalit, samantalang ang tabak ng iyong mga kaaway ay umaabot sa iyo; o kung dili ay tatlong araw na ang tabak ng PANGINOON, ang salot sa lupain, at ang angel ng PANGINOON ay mangwasak sa lahat na baybayin ng Israel. Ngayon nga'y akalain mo kung anong sagot ang ibabalik ko sa kaniya na nagsugo sa akin. **13** At sinabi ni David kay Gad: Ako'y totoong nasa kagipitan: pabualin ako ngayon sa kamay ng PANGINOON; sapagka't totoong malaki ang kaniyang kaawaan; at huag akong mabual sa kamay ng tawo. **14** Sa gayo'y nagsugo ang PANGINOON ng salot sa Israel: at nabual sa Israel ay pitong puong libong lalaki. **15** At ang Dios ay nagsugo ng isang angel sa Jerusalem, upang mangiba; at ng siya'y gumigiba, ang PANGINOON'y tumingin at

nagsisi siya tungkol sa kasam-an, at nagsabi sa nangigibang angel: Siya na; ngayo'y itigil mo ang iyong kamay. At ang angel ng PANGINOON ay tumayo sa tabi ng giikan ni Ornan na Jebuseo. **16** At itinanaw ni David ang kaniyang mga mata, at nakita ang angel ng PANGINOON na nakatayo sa pag-itan ng lupa at ng langit, na may hawak na tabak sa kaniyang kamay na nakaunat sa Jerusalem. Ng magkagayo'y si David at ang mga matanda, na nananamit ng kayong magaspang ay nagsisubasob. **17** At sinabi ni David sa Dios; ¿Hindi ba ako ang nagpabilang sa bayan; ako ang nagkasala at gumawa ng totoong kasam-an; ngunit ang mga tupang ito, ¿ano angkaniyang ginawa? Isinasamo ko sa iyo, Oh PANGINOON aking Dios, na ang iyong kamay ay maging laban sa akin, at laban sa bahay ng aking ama; nguni't huag laban sa iyong bayan, na sila'y masasalot. **18** Ng magkagayo'y inutusan ng angel ng PANGINOON si Gad upang sabihin kay David na siya'y sumampa, at magtayo ng isang altar sa PANGINOON sa giikan ni Ornan na Jebuseo. **19** At si David ay sumampa sa pagsasabi ni Gad na kaniyang sinalita sa pangalan ng PANGINOON. **20** At si Ornan ay bumalik at nakita ang angel; at ang kaniyang apat na anak na kasama niya ay nagsipagkubli. Si Ornan nga ay gumigik ng trigo. **21** At habang si David ay naparoon kay Ornan, si Ornan ay tumanaw at nakita si David, at lumabas sa giikan, at iniyukod kay David ang kaniyang mukha sa lupa. **22** Ng magkagayo'y sinabi ni David kay Ornan: Ibigay mo sa akin ang lugar ng giikang ito, upang aking mapagtayuan ng isang altar sa PANGINOON: sa boong halaga ay ibibigay mo sa akin: upang ang salot ay tumigil sa bayan. **23** At sinabi ni Ornan kay David: Kunin mo, at gawin ng panginoong kong hari ang mabuti sa kaniyang mga mata: narito, aking ibiniibigay sa iyo ang mga baka para sa mga handog na susunugin, at ang mga kasangkapan ng giikan para sa kahoy, at ang trigo para sa handog na harina; aking ibiniibigay na lahat. **24** At sinabi ng haring David kay Ornan: Huag; kungdi katotohanang aking bilhin ng boong halaga: sapagka't hindi ko kukunin ang iyo para sa PANGINOON, o maghahandog man ug handog na susunugin na walang halaga. **25** Sa gayo'y ibinigay ni David kay Ornan dahil sa

lugar ang anim na rang siklong ginto na pinakatimbang. **26** At nagtayo doon si David ng isang altar sa PANGINOON, at naghandog ng mga handog na susunugin, at ng mga handog tungkol sa kapayapaan, at tinawag sa PANGINOON; at sinagot niya siya mula sa langit sa pamamagitan ng apoy sa ibabaw ng altar ng handog na susunugin. **27** At inutusan ng PANGINOON ang angel; at kaniyang isinakalohan ang kaniyang tabak.

**28** Ng panahong yaon, ng makita ni David na sinagot siya ng PANGINOON sa giikan ni Ornan na Jebuseo, siya nga'y naghayin doon. **29** Sapagka't ang tabernakulo ng PANGINOON na ginawa ni Moises sa ilang, at ang altar ng handog na susunugin ay nasa mataas na lugar ng panahong yaon sa Gibeon. **30** Ngunit si David ay hindi nakaparoon sa harapan ng PANGINOON ang mataas sa Dios: sapagka't siya'y natakot dahil sa tabak ng angel ng PANGINOON.

**22** Ng magkagayo'y sinabi ni David: Ito ang bahay ng PANGINOONG Dios, at ito ang altar ng handog na susunugin para sa Israel.

**2** At inutos ni David na pisanin ang mga taga ibang lupa na nasa lupain ng Israel; at siya'y naglagay ng mga manghihichura ng bato upang humichura ng mga yaring bato, upang itayo ang bahay ng Dios. **3** At si David ay naghanda ng bakal na sagana para sa mga pako sa mga pinto ng mga pintuang-daan, at para sa mga sugpoug; at tanso na sagana na walang timbang; **4** at mga puno ng cedro na walang bilang; sapagka't ang mga Zidonio at ang mga taga Tiro ay nagdala ng mga puno ng cedro na sagana kay David. **5** At sinabi ni David: Si Solomong aking anak ay bata at mura, at ang bahay na matatayo para sa PANGINOON ay marapat na totoong malaki na bantog at kaluhatian sa lahat na lupain: akin ngang ipaghahanda. Sa gayo'y naghanda si David ng sagana bago dumating ang kaniyang kamatayan.

**6** Ng magkagayo'y pinatawag niya si Solomong na kaniyang anak, at binilinan niyang magtayo ng isang bahay para sa PANGINOON, sa Dios ng Israel. **7** At sinabi ni David kay Solomong na kaniyang anak: Tungkol sa akin, nasa akin puso ang magtayo ng isang bahay sa pangalan ng PANGINOONG aking Dios. **8** Ngunit ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: Ikaw ay nagbubo ng

dugo na sagana, at gumawa ng malaking pagbabaka: laag kang magtatayo ng bahay sa aking pangalan, sapagka't ikaw ay nagbubo ng mararaming dugo sa lupa sa aking paningin: **9** narito isang lalaki ay ipangangamak sa iyo, na siyang magiging lulaking sa kapahingahan; at bibigyan ko siya ng kapahingahan sa lahat ng kaniyang mga kaaway sa palibot; sapagka't ang kaniyang magiging pangalan ay Solomong, at bibigyan ko ng kapayapaan at katatimikuan sa Israel sa kaniyang mga kaarawan: **10** kaniyang ipagtatayo ng bahay ang aking pangalan; at siya'y magiging aking anak, at ako'y magiging kaniyang ama; at aking itatag ang luklukan ng kaniyang kaharian sa Israel magpakailan man.

**11** Ngayon, anak ko, ang PANGINOON ay sumaiyo; at guminhawa ka, at iyong itayo ang bahay ng PANGINOON iyong Dios, gaya ng kaniyang sinalita tungkol sa iyo. **12** Pagkalooban ka lamang ng PANGINOON ng pagmumumuni, at pagkakilala, at bigyan ka niya ng bilin tungkol sa Israel; na ano pa't iyong maingat ang kautusan ng PANGINOONG iyong Dios.

**13** Kung magkagayo'y giginahawa ka, kung susunding gawin ang mga palatuntunan at ang mga kahatulan na ibinilin ng PANGINOON kay Moises tungkol sa Israel; ikaw ay magpakalakas at magpakatayang buag kang matakot o manglupaypay man.

**14** Ngayon, narito, ayon sa aking karalitaan ay ipinaghanda ko ang bahay ng PANGINOON ng isang daang libong talentong ginto, at isang libong libong talentong pilak; at ng tanso at bakal na walang timbang; dahil sa karamihan: gayon din ng kahoy at bato ay ako'y naghanda; at iyong madaragdagan. **15** Bukod dito'y may kasama kang mga mangagawa na sagana, mga manghihichura ng bato at mangagawa sa bato at sa kahoy, at lahat ng tawo na bihasa ano maag paraan ng gawa; **16** sa ginto, sa pilak, at sa tanso, at sa bakal, walang bilang; ikaw ay bumangon at iyong gawin, at ang PANGINOON ay sumaiyo. **17** Inutos naman ni David sa lahat na pangulo ng Israel na tulungan si Solomong na kaniyang anak, na sinabi: **18** Hindi ba ang PANGINOONG inyong Dios ay sumasainyo? at hindi ba binigyan niya kayo ng kapahingahan sa lahat na dako? sapagka't kaniyang ibinigay ang mga mananahan sa lupain sa aking kamay; at ang lupain ay suko sa harap ng PANGINOON, at sa harap ng kaniyang bayan.



**19** Ngayo'y inyong ilagak ang inyong puso at ang inyong kalulua upang hanap-ping sundin ang PANGINGONG inyong Dios; kayo'y magbangon nga; at itayo ninyo ang santuario ng PANGINGONG Dios, upang dalhin ang kaban ng tipan ng PANGINGON, at ang mga sautong kasungkapan ng Dios, sa loob ng bahay na itatayo sa pangalan ng PANGINGON.

**23** Si David nga ay matanda na at puspos ng mga araw: at ginawa niyang hari si Solomon na kaniyang anak sa Israel. **2** At pinisan niya ang lahat na pangulo ng Israel, sampuo ng mga sacerdote at ng mga Levita. **3** At ang mga Levita ay binilang mula sa tatlong puong taon hangang sa katandatandaan: at ang kanilang bilang, ayon sa kanilang mga ulo, tawo't tawo ay tatlong puo't walong libo. **4** Sa mga ito, dalawang puo't apat na libo ang mangangasiwa ng gawa sa bahay ng PANGINGON; at anim na libo ay mga oficial at mga hukom: **5** at apat na libo ay tagatandog pinto; at apat na libo ay mang-aawit sa PANGINGON na may mga instrumento na aking ginawa, *sabi ni David*, upang ipang-awit. **6** At hinati sila ni David sa mga hanay ayon sa mga anak ni Levi; si Gerson, si Koat, at si Merari. **7** Sa mga Gersonita si Ladan, at si Simeil. **8** Ang mga anak ni Ladan; si Jehiel na puno, at si Zetam, at si Joel, tatlo. **9** Ang mga anak ni Simeil; si Selomot, at si Haziel, at si Haran, tatlo. Ang mga ito ang mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang ni Ladan. **10** At ang mga anak ni Simeil; si Jahat, si Zina, at si Jeus, at si Berias. Ang apat na ito ang mga anak ni Simeil. **11** At si Jahat ay siyang puno, at si Ziza ang ikalawa: nguni't si Jeus at si Berias ay hindi nagkaroon ng maraming anak; kaya't sila'y naging isang bahay ng mga magulang sa isang bilang. **12** Ang mga anak ni Koat, si Amram, at si Izhar, si Hebron, at si Uziel, apat. **13** Ang mga anak ni Amram; si Aaron at si Moises: at si Aaron ay nahiwalay, upang kaniyang santohin ang mga pinakasantong bagay, niya, at ang kaniyang mga anak magpakailan man, upang magsunog ng kamanyan sa harap ng PANGINGON, upang ma-mahala sa kaniya, at upang bumasbas sa pamamagitan ng kaniyang pangalan, magpakailan man. **14** Nguni't tungkol kay Moises na lalaki ng Dios, ang kaniyang mga anak ay mga binilang sa angkan ni Levi. **15** Ang mga anak ni Moises: si

Gerson at si Eliezer. **16** Ang mga anak ni Gerson; si Sebucl na puno. **17** At ang mga anak ni Eliezer ay si Rehabias na puno. At si Eliezer hindi nagkaroon ng ibang mga anak; nguni't ang mga anak ni Rehabias ay totoong marami. **18** Ang mga anak ni Izhar; si Selomit na puno. **19** Ang mga anak ni Hebron; si Jerias ang puno, si Amarias ang ikalawa, si Jahaziel ang ikatlo, at si Jekameam ang ikaapat. **20** Ang mga anak ni Uzziel si Mika ang puno, at si Isias ang ikalawa. **21** Ang mga anak ni Merari; si Mahli at si Musi. Ang mga anak ni Mahli; si Eleazar at si Kis. **22** At si Eleazar ay namatay, at hindi nag-anak ng lalaki, kungdi mga babaye lamang: at nanngasawa sa kanila ang kanilang mga kapatid na mga anak ni Kis. **23** Ang mga anak ni Musi; si Mahli, at si Eder, at si Jeremot, tatlo. **24** Ang mga ito ang mga naging anak ni Levi ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, na mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang doon sa mga nabilang sa bilang ng mga pangalan, ayon sa kanilang mga ulo na siyang gumagawa ng gagawin para sa paglilingkod sa bahay ng PANGINGON, mula sa dalawang puong taong gulang hangang sa katandatandaan. **25** Sapagka't sinabi ni David: Ang PANGINGON, ang Dios ng Israel ay nagbigay ng kapahingahan sa kaniyang bayan; at siya'y tumatahan sa Jerusalem magpakailan man: **26** at ang mga Levita naman hindi na magkakailangan pang pasanin ang tabernakulo at ang lahat na kasangkapan noon para sa katungkulan doon. **27** Sapagka't ayon sa mga huling salita ni David ay nabilang ang mga anak ni Levi mula sa dalawang puong taong gulang hangang sa katandatandaan. **28** Sapagka't ang kanilang katungkulan ay maghintay sa mga anak ni Aaron para sa paglilingkod sa bahay ng PANGINGON, mga looban, at sa mga siid, at sa paglilitis ng lahat na santong bagay, sa gagawin na paglilingkod sa bahay ng Dios; **29** gayon din para sa tinapay na handog, at para sa bulaklak ng harina para sa handog na harina, maging sa mga ampanada na tinapay na walang lewadura, o doon sa niluto sa kawali, o doon sa piniritos; at para sa lahat na sarisaring panukat at panakal; **30** at upang tumayo tuing umaga upang pasalamat at pumuri sa PANGINGON, at gayon din naman sa kinahapunan; **31** at upang mag-

handog ng lahat na mga handog na susunugin sa PANONON sa mga sabado, sa mga bagong buan, at sa mga takdang kapistahan sa bilang alinsunod sa utos tungkol sa kanila, na palagi sa harap ng PANONON: **32** at sila ang mag-iingat ng katungkulan sa dampa ng kapisanan, at ng katungkulan sa santong lugar, at ng katungkulan ng mga anak ni Aaron na kanilang mga kapatid, sa paglilingkod sa bahay ng PANONON.

**24** At ang pagkabahagi ng mga anak ni Aaron; si Nadab at si Abiu, si Eleazar at si Itamar. **2** Ngunit si Nadab at si Abiu ay namatay na una sa kanilang ama, at hindi nagkaanak: kaya't si Eleazar at si Itamar ang gumawa ng katungkulan pagkasacerdote. **3** At si David na kasama ni Zadok sa mga anak ni Eleazar, at si Ahimelek sa mga anak ni Itamar, bumahagi sa kanila ayon sa kanilang ayos sa kanilang paglilingkod. **4** At may higit na mga puno na nasumpungau sa mga anak ni Eleazar kay sa mga anak ni Itamar; at ganito nila mga binahagi: sa mga anak ni Eleazar ay may labing anim, na mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang; at sa mga anak ni Itamar, ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, walo. **5** Ganito nila binahagi sa pamamagitan ng sapalarang laro, ng isa't isa sa kanila; sapagka't may mga pangulo sa santuario, at mga pangulo sa bahay ng Dios, sa mga anak ni Eleazar at gayon din sa mga anak ni Itamar. **6** At si Semaya na anak ni Netanel na kalihim, na sa mga Levita ay isinulat sila sa harapan ng hari, at ng mga pangulo, at ni Zadok na sacerdote, at ni Ahimelek na anak ni Abiatar, at ng mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang, ng mga sacerdote, at ng mga Levita; isang bahay ng mga magulang ay kinuha para kay Eleazar, at isa'y kinuha para kay Itamar. **7** Ang una ng kapalaran ay lumabas kay Jehoiarib, ang ikalawa'y kay Jedaya; **8** ang ikatlo ay kay Harim, ang ikaapat ay kay Seorim; **9** ang ikalima ay kay Malkijas, ang ikaanim ay kay Mijamin; **10** ang ikapito ay kay Hakkoz, ang ikawalo ay kay Abias; **11** ang ikasiyam ay kay Jesua, ang ikasampung ay kay Sekanias; **12** ang ikalabing isa ay kay Eliasib, ang ikalabing dalawa ay kay Jakim; **13** ang ikalabing tatlo ay kay Iliupa, ang ikalabing apat ay kay Jesebeab; **14** ang ikalabing lima ay kay

Bilga, ang ikalabing anim ay kay Imer; **15** ang ikalabing pito ay kay Hezir, ang ikalabing walo ay kay Hapizez; **16** ang ikalabing siyam ay kay Petaaya, ang ikadalawang puo ay kay Jehelziel; **17** ang ikadalawang puo't isa ay kay Jakin, ang ikadalawang puo't dalawa ay kay Gamui; **18** ang ikadalawang puo't tatlo ay kay Delaya, ang ikadalawang puo't apat ay kay Maazias. **19** Ito ang ayos nila sa kanilang paglilingkod, upang pumasok sa bahay ng PANONON ayon sa ayos na ibinigay sa kanila sa pamamagitan ng kamay ni Aaron na kanilang magulang, gaya ng iniutos sa kaniya ng PANONON. ng Dios ng Israel.

**20** At sa nalabi sa mga anak ni Levi: sa mga anak ni Amram, si Subael; sa mga anak ni Subael, si Jehdias. **21** Kay Rehabias; sa mga anak ni Rehabias, si Isiasang puno. **22** Sa mga Izharita, si Selomot; sa mga anak ni Selomot, si Jahat. **23** At sa mga anak ni Hebron; si Jeriasang puno, si Amarias ang ikalawa, si Jahaziel ang ikatlo, si Jekameam ang ikaapat. **24** Ang mga anak ni Uzziel, si Mika; sa mga anak ni Mika, si Samir. **25** Ang kapatid ni Mika, si Isias: sa mga anak ni Isias, si Zekarias. **26** Ang mga anak ni Merari; si Mahli at si Musi: ang mga anak ni Jaazias; si Beno. **27** Ang mga anak ni Merari; kay Jaazias, si Beno, at si Soham, at si Zakur, at si Ibrti. **28** Kay Mahli; si Eleazar, na hindi nagkaanak. **29** Kay Kis; ang mga anak ni Kis, si Jerameel. **30** At ang mga anak ni Musi, si Mahli, at si Eder, at si Jerimot. Ang mga ito ang mga anak ng mga Levita ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang. **31** Ang mga ito nama'y nagsapalarang laro rin na gaya ng kanilang mga kapatid na mga anak ni Aaron sa harap ni David na hari, at ni Zadok, at ni Ahimelek at ng mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang ng mga sacerdote at ng mga Levita; ang mga bahay ng mga magulang ng puno, gaya ng kaniyang batang kapatid.

**25** Bukod dito'y si David at ang mga kapitan ng hukbo ay naghiwalay para sa paglilingkod ng ilan sa mga anak ni Asaf, at ni Heman, at ni Jedutun, na magsisipanghula na may mga alpa, at mga salterio, at may mga cimballo; at ang bilang nila na gumawa ng gagawin ayon sa kanilang paglilingkod ay: **2** sa mga anak ni Asaf: si Zakur, at si Jose, at si Netanias, at si Asarela, na mga anak ni Asap;

sa ilalim ng kapangyarihan ni Asaf na siyang nanghula ayon sa utos ng hari. **3** Kay Jeduton; ang mga anak ni Jeduton; si Gedalias, at si Zeri, at si Jesaias, si Hasabias, at si Matitias, anim; sa ilalim ng kapangyarihan ng kanilang ama na si Jeduton na may alpa, na siyang nanghula sa pasalamat at pagpupuri sa PANGNOON. **4** Kay Heman: ang mga anak ni Heman; si Bukias, si Matanias, si Uzziel, si Sebucl, at si Jerimot, si Hananias, si Hanani, si Eliata, si Gidalti, si Romamti-ezer, si Josbekasa, si Malloti, si Hotir, si Mahaziot: **5** lahat ng ito'y mga anak ni Heman na tagapagkita ng hari sa mga salita ng Dios, upang magtasa ng sungay. At ibinigay ng Dios kay Heman ay labing apat na anak na lalaki, at tatlong anak na babaye. **6** Lahat ng ito'y nasa ilalim ng kapangyarihan ng kanilang ama para sa pag-awit sa bahay ng PANGNOON, na may mga cimbal, mga salterio, at mga aipa, sa paglitingkod sa bahay ng Dios sa ilalim ng kapangyarihan ng hari, ni Asaf, ni Jeduton, at si Heman. **7** At ang bilang nila, sampuo ng kanilang mga kapatid na mga tinuruan sa pag-awit sa PANGNOON, lahat na bihasa ay dalawang daan at walong puo't walo. **8** At sila'y nagsapalarang laro para sa kanilang mga katungkulan, silang lahat na mgagkaka-pareho, kung paano ang maliit ay gayon din ang malaki, ang magtuturo na gaya ng tinuturuan. **9** Ang una ngang kapalaran ay napasa kay Asaf ay nahulog kay Jose; ang ikalawa'y kay Gedalias; siya at ang kaniyang mga kapatid at mga anak ay labing dalawa; **10** ang ikatlo ay kay Zakur, sa kaniyang mga anak at sa kaniyang mga kapatid, labing dalawa: **11** ang ikaapat ay kay Izri, sa kaniyang mga anak at sa kaniyang mga kapatid, labingdalawa: **12** ang ikalima ay kay Netanias, sa kaniyang mga anak at kaniyang mga kapatid, labing dalawa: **13** ang ikaanim ay kay Bukias, sa kaniyang mga anak at kaniyang mga kapatid, labing dalawa: **14** ang ikapito ay kay Jesarela, sa kaniyang mga anak at kaniyang mga kapatid, labing dalawa: **15** ang ikawalo ay kay Jesaias, sa kaniyang mga anak at kaniyang mga kapatid, labing dalawa; **16** ang ikasiam ay kay Matanias, sa kaniyang mga anak at kaniyang mga kapatid, labing dalawa: **17** ang ikasampuo ay kay Simej, sa kaniyang mga anak at kaniyang mga kapatid, labing dalawa: **18** ang ikalabing-isa ay

kay Azarel, sa kaniyang mga anak at kaniyang mga kapatid, labing dalawa: **19** ang ikalabing dalawa ay kay Hasabias, sa kaniyang mga anak at kaniyang mga kapatid, labing dalawa: **20** ang ikalabing tatlo ay kay Subael, sa kaniyang mga anak at kaniyang mga kapatid, labing dalawa: **21** ang ikalabing apat ay kay Matitias, sa kaniyang mga anak at kaniyang mga kapatid, labing dalawa: **22** ang ikalabing lima ay kay Jeremot, sa kaniyang mga anak at kaniyang mga kapatid, labing dalawa: **23** ang ikalabing anim ay kay Hananias, sa kaniyang mga anak at kaniyang mga kapatid, labing dalawa: **24** ang ikalabing pito ay kay Josbekasa, sa kaniyang mga anak at kaniyang mga kapatid, labing dalawa: **25** ang ikalabing walo ay kay Hanani, sa kaniyang mga anak at kaniyang mga kapatid, labing dalawa: **26** ang ikalabing siam ay kay Malloti, sa kaniyang mga anak at kaniyang mga kapatid, labing dalawa. **27** ang ikadalawang puo ay kay Eliata, sa kaniyang mga anak at kaniyang mga kapatid, labing dalawa: **28** ang ikadalawang puo't isa ay kay Hotir, sa kaniyang mga anak at kaniyang mga kapatid, labing dalawa: **29** ang ikadalawang puo't dalawa'y kay Gidalti, sa kaniyang mga anak at kaniyang mga kapatid, labing dalawa: **30** ang ikadalawang puo't tatlo ay kay Mahaziot, sa kaniyang mga anak at kaniyang mga kapatid, labing dalawa: **31** ang ikadalawang puo't apat ay kay Romamti-ezer, sa kaniyang mga anak at kaniyang mga kapatid, labing dalawa:

**26** Para sa bahagi ng mga tagatanod pinto: **sa** mga Korita; si Meselemias naanak ni Kore, sa mga anak ni Asaf. **2** At si Meselemias ay nagkaanak; si Zekarias ang panganay, si Jediel ang ikalawa, si Zebudias ang ikatlo, si Jatniel ang ikaapat; **3** si Elam ang ikalima, si Jehohanan ang ikaanim, si Elioenai ang ikapito. **4** At si Obed-edom ay nagkaanak; si Semaya ang panganay, si Jehozabad ang ikalawa, si Joah ang ikatlo, si Sakar ang ikaapat, si Netanel ang ikalima; **5** si Amiel ang ikaanim, si Isakar ang ikapito, si Peulleai ang ikawalo: sapagka't pinagpala siya ng Dios. **6** Kay Semaya namang kaniyang anak ay nagkaanak ng mga lalaki na nagpuo sa bahay ng kanilang magulang: sapagka't sila'y makapangyarihang lalaking matapang. **7** Ang mga anak ni Semaya; si Otni, at si Refael, at

si Obed, si Elzabad, na ang mga kapatid ay mga matapang na lalaki, si Eliu, at si Semakias. 8 Lahat ng ito'y sa mga anak ni Obed-edom: sila at ang kanilang mga anak at ang kanilang mga kapatid, mga bihasang lalaki sa kalakanaan para sa paghilingkod; anim na puot dalawa kay Obed-edom. 9 At si Meselemias ay nagkaroon ng mga anak at mga kapatid na matapang na lalaki, labing-walo. 10 Si Hosa naman sa mga anak ni Merari ay nagkaroon ng mga anak; si Simri ang puno (sapagka't бага man hindi siya pangana'y, gayon may ginawa siyang puno ng kaniyang ama); 11 si Hilkiyas ang ikalawa, si Tebalias ang ikatlo, si Zekarias ang ikaapat; lahat ng anak at kapatid ni Hosa ay labing tatlo. 12 Sa mga ito ang mga bahagi ng mga tagatanod pinto, ng mga puno na may mga katungkulang gaya ng kanilang mga kapatid upang mamahala sa bahay ng PANGINOON. 13 At sila'y nagsapalarang laro, gayon ang maliit na gaya ng malaki, ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang para sa bawat pintoang-daan. 14 At ang kapalaran sa dakong silangan ay nabulog kay Selemias. Para kay Zekarias nga na kaniyang anak na matalinong mangpapayo, sila'y nagsapalarang laro; at ang kaniyang kapalaran ay nabulog sa dakong hilagaan. 15 Kay Obed-edom ay dakong timugan; at sa kaniyang mga anak ay ang kamalig. 16 Kay Supim at kay Hosa ay dakong kalunuran, sa tabi ng pintoang-daan ng Saleket sa daanang may pagsampa na bantay at bantay. 17 Sa dakong silanganan ay anim na Levita, sa dakong hilagaan ay apat araw-araw, sa dakong timugan ay apat araw-araw, at para sa kamalig ay dalawa't dalawa. 18 Para sa Parbar sa dakong kalunuran, apat sa daanan, at dalawa sa Parbar. 19 Ito ang mga bahagi ng mga tagatanod pinto; sa mga anak ng mga Korita, at sa mga anak ni Merari.

20 At sa mga Levita, si Ahijas ay nasa mga kayamanan ng bahay ng Dios, at nasa mga kayamanan na mga itinalagang bagay. 21 Ang mga anak ni Ladan; ang mga anak ng mga Gersonita na nauukol kay Ladan, ang mga pangulo sa mga bahay mga magulang na ukol kay Ladan na Gersonita; si Jehieli. 22 Ang mga anak ni Jehieli: si Zetam at si Joel na kaniyang kapatid, sa mga ingatang yaman ng bahay ng PANGINOON. 23 Sa mga Amramita sa mga Izharita, sa mga Hebronita, sa mga

Uzielita: 24 at si Sebnel na anak ni Gersom, na anak ni Moses, ay puno sa mga ingatang yaman. 25 At ang kaniyang mga kapatid; kay Elizeer ay nangaliling si Rehabias na kaniyang anak, at si Jesaias na kaniyang anak, at si Joram na kaniyang anak, at si Zikri na kaniyang anak, at si Selomot na kaniyang anak. 26 Ang Selomot na ito at ang kaniyang mga kapatid ay nasa lahat ng ingatang yaman ng natalagang mga bagay na itinalaga ni David na hari, at ng mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang, ng mga kapitan ng lilibohin at ng dadaanin, at ng mga kapitan ng hukbo. 27 Ang samsam na pinanalunan sa pakikipagbaka, kanilang itinalaga upang ayusin ang bahay ng PANGINOON. 28 At labat na natalaga ni Samuel na tagapagkita, at ni Saul na anak ni Kis, at ni Abner na anak na Ner, at ni Joab na anak ni Zerua'y; ang ano mang bagay na natalaga ng sino man ay nasa ilalim ng pamamahala ni Selomot, at ng kaniyang mga kapatid. 29 Sa mga Izharita, si Kenanias at ang kaniyang mga anak ay sa mga gagawin sa labas ng gobierno ng Israel na mga pinaka-ostal at hukom. 30 Sa mga Hebronita, si Hasabias, at ang kaniyang mga kapatid na mga lalaking matapang na isang libo't pitong daan na may pamamahala sa Israel sa dako roon ng Jordan sa dakong kalunuran; para sa lahat ng gagawin sa PANGINOON, at para sa paghilingkod sa hari. 31 Sa mga Hebronita ay si Jerijas ang puno, sa mga Hebronita, ayon sa kanilang mga lahi ayon sa mga bahay ng mga magulang. Ng ikaapat na puong taon ng paghahari ni David, sila'y mga hinanapan, at may nasumpungan sa kanilang mga makapangyarihang lalaking matapang sa Jazer ng Gilead. 32 At ang kaniyang mga kapatid na mga lalaking matapang, ay dalawang libo at pitong daan, na mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang na siyang ginawa ni David na mga tagapamahala sa mga Rubenita, at sa mga Gadita, at sa kalahating angkan ng mga Marasita, sa lahat ng usap na ukol sa Dios, at mga bagay ng hari.

27 Ang mga anak ng Israel nga ayon sa kanilang bilang, ang mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang at ang mga kapitan ng lilibohin, at ng dadaanin, at ang kanilang mga ofisial na naglilingkod sa hari, sa ano mang usap sa pagbabahagi ng pumapasok at lumalabas tuantuan sa lahat ng buan ng taon,

sa bawāt pagbabahagi ay dalawang puo't apat na libo. **2** Sa unang pagbabahagi para sa unang buan ay si Jasobeom na anak ni Zabdiel; at sa kaniyang pagbabahagi ay dalawang puo't apat na libo. **3** *Siyoy* sa mġa anak ni Perez, na puno sa lahat na kapitan ng hukbo para sa unang buan. **4** At sa pagbabahagi sa ikalawang buan ay si Dodai na Ahohita, at ang kaniyang bahagi; at si Miklot na puno: at sa kaniyang bahagi ay dalawang puo't apat na libo. **5** Ang ikatlong kapitan ng hukbo para sa ikatlong buan ay si Benaya, na anak ni Jehoiada na sacerdote, puno: at sa kaniyang bahagi ay dalawang puo't apat na libo. **6** Ito yaong Benaya na siyang makapangyarihang lalaki sa tatlong puo, at puno sa tatlong puo: at sa kaniyang bahagi ay si Amizabad na kaniyang anak. **7** Ang ikaapat na ukol sa ikaapat na buan ay si Asael na kapatid ni Joab, at si Zebadiah na kaniyang kapatid ang sumusunod sa kaniya: at sa kaniyang bahagi ay dalawang puo't apat na libo. **8** Ang ikalimang kapitan para sa ikalimang buan ay si Samhut na Izraitā: at sa kaniyang bahagi ay dalawang puo't apat na libo. **9** Ang ikaanim para sa ikaanim na buan ay si Ira na anak ni Ikes na Tekoita: at sa kaniyang bahagi ay dalawang puo't apat na libo. **10** Ang ikapito para sa ikapitong buan ay si Helez na Pelonita, sa mġa anak ni Efraim: at sa kaniyang bahagi ay dalawang puo't apat na libo. **11** Ang ikawalo para sa ikawalong buan ay si Sibekai na Husatita, sa mġa Zerhita: at sa kaniyang bahagi ay dalawang puo't apat na libo. **12** Ang ikasiyam para sa ikasiyam na buan ay si Abiezer na Anatotita sa mġa Benjamita: at sa kaniyang bahagi ay dalawang puo't apat na libo. **13** Ang ikasampung para sa ikasampung buan ay si Maharai na Netofatita sa mġa Zerhita: at sa kaniyang bahagi ay dalawang puo't apat na libo. **14** Ang ikalabing isa para sa ikalabing isang buan ay si Benaya na Piratonita sa mġa anak ni Efraim: at sa kaniyang bahagi ay dalawang puo't apat na libo. **15** Ang ikalabing dalawa para sa ikalabing dalawang buan ay si Heldai na Netofatita sa Otniel: at sa kaniyang bahagi ay dalawang puo't apat na libo.

**16** Bukod dito'y nasa mġa angkan ng Israel: sa mġa Rubenita, si Eliezer, na anak ni Zikri na puno: sa mġa Simeonita, si Sefatias na anak ni Maaka: **17** kay

Levi, si Hasabias, na anak ni Kemuel; kay Aaron, si Zadok: **18** kay Juda, si Eliu, isa sa mġa kapatid ni David: kay Isakar, si Omri na anak ni Mikael: **19** kay Zebulun, si Ismaias na anak ni Obadiah: kay Naftali, si Jeremet na anak ni Azriel: **20** sa mġa anak ni Efraim, si Hoseas na anak ni Azazias: sa kalahating angkan ni Manases, si Joel na anak ni Pedaya: **21** sa kalahating angkan ni Manases sa Gilead, si Iddo na anak ni Zekarias: kay Benjamin, si Jaasiel na anak ni Abner: **22** kay Dan, si Azarel na anak ni Jeroham. Ang mġa ito ang mġa kapitan ng mġa angkan ng Israel. **23** Ngunit hindi ginawa ni David ang bilang nila mula sa dalawang puong taon na paibaba: sapagka't sinabi ng PANDRONON na kaniyang palalaguin ang Israel na gaya ng mġa bituin sa langit. **24** Si Joab na anak ni Zeruaia ay nagpasimulang bumilang, ngunit hindi natapos: at dumating sa Israel ang galit dahil dito; at hindi nalagay ang bilang sa mġa alaala sa haring David.

**25** At nasa mġa ingatang yaman ng hari si Azmavet na anak ni Adiel: at sa mġa ingatang yaman sa mġa bukid, sa mġa ciudad, at sa mġa dayon, at sa mġa kuta ay si Jonatan na anak ni Uzias: **26** at sa mġa gumagawa sa bukiran para sa pagbubukid sa lupa ay si Ezri na anak ni Kelub: **27** at sa mġa uvasan ay si Simeil na Ramatita: at sa mġa pakinabang sa mġa uvasan para sa mġa kamalig ng alak ay si Zabdi na Sifmita: **28** at sa mġa puno ng olivo at sa mġa puno ng sikomoro na nasa mababang lupa ay si Baal-hanan na Gederita: at sa mġa kamalig ng langis ay si Joas: **29** at sa mġa bakahan na pinasasabsab sa Saron ay si Sitrai na Saronita: at sa mġa bakahan na nasa mġa libis ay si Safat na anak ni Adlai: **30** at sa mġa kamello ay si Obil na Ismaelita: at sa mġa asno ay si Jedeias na Meronotita: **31** at sa mġa kawan ay si Jaziz na Hagrita. Lahat ng ito'y mġa puno sa mġa pag-aari ng haring David.

**32** At si Jonatan na amain ni David ay tagapayo at lalaking matalino, at kalihim; at si Jehiel na anak ni Hakmoni ay nasa mġa anak ng hari: **33** at si Ahitofel ay tagapayo ng hari: at si Husai na Arkita ay kaibigan ng hari: **34** at sumusunod kay Ahitofel ay si Jehoiada na anak ni Benaya, at si Abiatar: at ang kapitan sa hukbo ng hari ay si Joab.

**28** At pinisan ni David ang lahat na pangulo ng Israel, ang pangulo ng mga angkan, at ang mga kapitan ng mga pulutong na naglilingkod sa hari ayon sa halinhinan, at ang mga kapitan ng lilibahin, at ang mga kapitan ng dadaanon, at ang mga puso sa lahat ng tinatankilik at pag-aari ng hari at ng kaniyang mga anak, na kasama ng mga oficial at ng makapangyarihang mga lalaki, lahat na makapangyarihang lalaking matapang, sa Jerusalem. **2** Ng magkagayo'y tumayo si David na hari ng kaniyang mga paa, at nagsabing: Dingin ninyo ako, aking mga kapatid, at aking bayan: tungkol sa akin, nasa aking puso ang ipagtayo ng isang bahay upang deo'y magpahinga ang kabang ng tipan ng PANGINOON, at upang tungtungang ng mga paa ng ating Dios; at ako'y lumanda sa pagtatayo. **3** Nguni't sinabi ng Dios sa aking: Hindi mo ipagtatayo ng bahay ang aking pangalan, sapagka't ikaw ay lalaking pangbaka, at nagbubo ng dugo. **4** Gayon may pinili ako ng PANGINOON, ng Dios ng Israel, sa boong bahay ng aking ama upang maging hari sa Israel magpakailan man; sapagka't kaniyang pinili ang Juda upang maging pangulo, at sa bahay ng Juda, ang bahay ng aking ama; at sa gitna ng mga anak ng aking ama ay kinaluguran siya ako upang gawin akong hari sa boong Israel. **5** At sa lahat ng aking anak, (sapagka't binigyan ako ng PANGINOON ng maraming anak,) pinili niya si Solomon na aking anak upang umupo sa luklukan ng kaharian ng PANGINOON sa Israel. **6** At kaniyang sinabi sa aking: Si Solomon iyong anak siyang magtatayo ng aking bahay at ng aking mga looban; sapagka't aking pinili siya upang maging aking anak, at ako'y magiging kaniyang ama. **7** At aking itatag ang kaniyang kaharian magpakailan man, kung kaniyang pamamalagiang sundin ang aking mga utos at ang aking mga kahalulang gaya sa aaw na ito. **8** Ngayon ngay nasa paningin ng boong Israel, ng kapulungan sa PANGINOON, at nasa nangakaharap sa ating Dios, bulayin at hanapin ang lahat na utos ng PANGINOON ng inyong Dios: upang inyong arin ang mabuting lupaing ito, at maiwang pinakamana sa inyong mga anak pagkamatay ninyo, magpakailan man. **9** At ikaw, Solomon na aking anak, kilalanin mo ang Dios ng inyong ama, at paglilingkuran mo siya ng dalisay na puso at ng

kasang pag-iisip: sapagka't sinisiyasat ng PANGINOON ang lahat na puso, at nalalaman ang lahat na akala ng pag-iisip: kung iyong hanapin siya, ay maustapangan siya sa iyo; nguni't kung pabaayan mo siya, kaniyang itatakuil ka magpakailan man. **10** Mag-ingat ka ngayon; sapagka't pinili ka ng PANGINOON upang ipagtayo mo ng bahay ang santuario: magpakalakas ka, at gawin mo.

**11** Ng magkagayo'y ibinigay ni David kay Solomon na kaniyang anak ang anyo ng malaking pinto ng templo, at ng mga kabahayan noon, at ng mga ingatang-yaman noon, at ng mga mataas na silid noon, at ng mga pinakaloob na silid noon, at ng lugar na luklukan ng awa: **12** at ang anyo ng lahat na kaniyang naisip sa pamamag-itan ng espiritu tungkol sa mga looban ng bahay ng PANGINOON, at tungkol sa lahat ng silid sa palibot, tungkol sa mga ingatang-yaman ng bahay ng Dios, at tungkol sa mga ingatang-yaman ng mga natalagang bagay: **13** tungkol naman sa mga bahagi ng mga sacerdote at ng mga Levita, at tungkol sa lahat na gagawin sa paglilingkod sa bahay ng PANGINOON, at tungkol sa lahat na kasangkapan sa paglilingkod sa bahay ng PANGINOON: **14** sa ginto sa pamamag-itan ng timbang para sa mga kasangkapan ng ginto, para sa lahat na kasangkapan ng sarisaring paglilingkod; sa pilak para sa lahat ng kasangkapan na pilak sa pamamag-itan ng timbang, para sa lahat na kasangkapan ng sarisaring paglilingkod: **15** sa pamamag-itan din ng timbang para sa mga kandelero na ginto, at para sa mga ilawan noon, na ginto: sa pamamag-itan ng timbang para sa bawat kandelero at kanilang mga ilawan: at para sa mga kandelrong pilak, pilak sa pamamag-itan ng timbang para sa bawat kandelero, at para sa mga ilawan noon, ayon sa paggamit sa bawat kandelero: **16** at ang ginto sa pamamag-itan ng timbang para sa mga dulang ng tinapay na handog, para sa bawat dulang; at pilak para sa mga dulang na pilak: **17** at ang mga panduro, at ang mga mankok, at ang mga kopa, na taganas na ginto: at para sa mga gintong tasa sa pamamag-itan ng timbang sa bawat tasa; at para sa mga pilak na tasa ay sa pamamag-itan ng timbang sa bawat tasa; **18** at para sa aitar ng pangsiob ay gintong dalisay sa pamamag-itan ng timbang: at

ginto para sa anyo ng karro, sa *mabatuid bagay* ang mga kerubin na nakabuka ang *kamlang mga pakpak* at lumillim sa kaban ng tipan ng PANGINOON. **19** Lahat ng ito'y, *sabi ni David*, aking naalaman sa sulat na mula sa kamay ng PANGINOON, lahat ng gagawin sa anyong ito. **20** At sinabi ni David kay Solomon na kaniyang anak. Ikaw ay magpakalakas at magpakatampang, at gawin mo: huag kang matakot, o manlupaypay man; sapagka't ang PANGINOONG Dios, na aking Dios, ay sumasaiyo; hindi ka niya iiwan, o pababayaan man, hangang sa ang lahat na gagawin para sa paglilingkod sa bahay ng PANGINOON ay matapos. **21** At, narito, may mga bahagi sa mga sacerdote at sa mga Levita, para sa lahat na paglilingkod sa bahay ng Dios: at magkakaroon sa iyo sa lahat ng sarisaring gagawin ng bawata'y may kusang kaloobang tawo na bihasa sa sarisaring paglilingkod: ang mga kapitan naman at ang boong bayan ay lubos na sasa iyong utos.

**29** At sinabi ni David na hari sa boong kapulungan: Si Solomong aking anak na siya lamang pinili ng Dios ay bata pa at sariwa, at ang gagawin ay malaki: sapaka't ang palacio ay hindi para sa tawo, kungdi para sa PANGINOONG Dios. **2** Akin ngang ipinaghanda ng aking boong kapangyarihan ang bahay ng aking Dios, ng ginto para sa *mga bagay na ginto*, at ng pilak para sa *mga bagay na pilak*, at ng tanso para sa *mga bagay na tanso*, ng bakal para sa *mga bagay na bakal*, at ng kahoy para sa *mga bagay na kahoy*; ng mga batong onix at *mga batong pangkalupkop*, mga batong pangayak, at may sarisaring kulay, at ng lahat na sarisaring mga mahalagang bato, at ng mga batong marmol na sagana. **3** Bukod dito naman sapagka't aking inilagak ang aking loob sa bahay ng aking Dios, sa bagay ay ang aking tinatankilik na aking sarili na ginto at pilak, aking ibinibigay sa bahay ng aking Dios, bukod sa lahat na aking inihanda para sa santong bahay; **4** tatlong libong talentong ginto, na ginto sa Ofir, at pitong libong talentong dalisay na pilak upang ibalot sa mga panig ng mga bahay: **5** ginto para sa *mga bagay na ginto*, at pilak para sa *mga bagay na pilak*, at para sa lahat na sarisaring gagawin na *yayariin* ng mga kamay ng mga mangagawa. **4** Sino nga ang naghahandog ng kusa upang magtalaga sa PANGINOON sa araw na ito? **6** Ng magkagayo'y naghan-

dog na kusa ang mga pangulo sa *mga bahay ng mga magulang*, at ang mga pangulo sa mga angkan ng Israel, at ang mga kapitan ng lilibohin at ng dadaanin, sampuo ng mga puno sa gagawin ng hari; **7** at sila'y nagbigay para sa paglilingkod sa bahay ng Dios, ng ginto, limang libong talento, at sampuonng libong dariko, at ng pilak ay sampuonng libong talento, at ng tanso ay labing walong libong talento, at ng bakal ay isang daang libong talento. **8** At silang may mga *mahalagang bato* ay mga nasumpungang nagbigay sa kayamanan ng bahay ng PANGINOON, sa ilalim ng *kapangyarihan ng kamay ni Jehiel na Gersonita*. **9** Ng magkagayo'y nagalak ang bayan, sapagka't sila'y naghandog na kusa, dahil sa sila'y may dalisay na puso na naghandog na kusa sa PANGINOON: at si David naman na hari ay nagalak ng malaking pagkagalak. **10** Kaya't pinuri ni David ang PANGINOON sa harap ng boong kapulungan; at sinabi ni David: Purihin ka Oh PANGINOON, na Dios ng Israel na aking ama, magpakailan man. **11** Iyo Oh PANGINOON ang kadakilaan, at ang kapangyarihan, at ang kaulalhatian, at ang pagtatagumpay at ang karangalan; at ang pagkaka't lahat na nasa langit at nasa lupa ay iyo: iyo ang kaharian, Oh PANGINOON, at ikaw ay nataas na pinaka pangulo sa lahat. **12** Ang mga kayamanan at gayon din ang karangalan ay nagmumula sa iyo, at ikaw ang nagpupuno sa lahat; at nasa iyong kamay ay kapangyarihan at kalakasan; at nasa iyong kamay ang pagpapadakila, at pagpapalakas sa lahat. **13** Kaya't ngayon, aming Dios, kami ay napasasalamat sa iyo, at aming pinupuri ang iyong maualhating pangalan. **14** ¿Nguni't sino ako, at ano ang aking bayan, na makapaghahandog na ganiyang kusa ayon sa ganitong paraan? sapagka't ang lahat na bagay ay nagmumula sa iyo, at ang iyong sarili ay aming ibinigay sa iyo. **15** Sapagka't kami ay mga taga ibang lupa sa harap mo, at mga mangingibang bayan, gaya ng lahat naming mga magulang: ang aming mga araw sa lupa ay parang animo, at walang tinatahanan. **16** Oh PANGINOON aming Dios, lahat ng kamalig na ito na aming inihanda upang ipagtayo ka ng bahay para sa iyong santong pangalan ay nagmula sa iyong kamay, at iyong sariling lahat. **17** Talastas ko naman, Dios ko, na ikaw ay sumusubok sa puso, at nalulugod sa kabanalan. Tungkol sa akin, sa kabanalan ng aking puso

ay aking inihahandog na kusa ang lahat na mga bagay na ito: at ngayo'y nakita ko ng kagalakan ang iyong bayan na mga nahaharap dito, upang maghandog na kusa sa iyo. **18** Oh PANGINOON na Dios ni Abraham, ni Isaac, at ni Israel na aming mga magulang, ingatan mo ito magpakailan man sa akala ng mga pag-iisip ng puso ng iyong bayan, at palagiin mo ang kanilang puso sa iyo: **19** at bigyan mo naman si Solomon na aking anak ng dalisay na puso, upang ingatan ang iyong mga utos, ang iyong mga patotoo, at ang iyong mga palatuntunan, at upang gawin ang lahat na mga bagay na ito, at upang itayo ang palacio, na siyang aking ipinaghandanda. **20** At sinabi ni David sa boong kapulungan: Ngayo'y purihin ninyo ang PANGINOONG inyong Dios. At ang boong kapulungan ay pumuri sa PANGINOON, sa Dios ng kanilang mga magulang, at iniyukod ang kanilang mga ulo, at sumamba sa PANGINOON, at sa hari. **21** At sila'y naghayin ng mga hayin sa PANGINOON, at naghandog ng mga handog na susunugin sa PANGINOON, sa kinabukasan, pagkatapos ng araw na yaon, na isang libong baka, at isang libong tupa na lalaki, at isang libong cordero, sampuo ng kanilang mga inuming handog, at ng mga hayin na sagana para sa boong Israel; **22** at kumain at uminom sa harap ng PANGINOON ng araw na yaon na may malaking kasayahan. At kanilang ginawang hari na ikalawa si Solomon na anak ni David, at

pinahiran siya sa PANGINOON upang maging pangulo, at si Zadok upang maging sacerdote. **23** Ng magkagayo'y tauho si Solomon sa luklukan ng PANGINOON na parang hari na kahalili ni David na kaniyang ama, at guminhawa; at ang boong Israel ay sumunod sa kaniya. **24** At ang lahat na pangulo at mga makapangyarihang lalaki, at ang lahat na anak naman ng haring David, ay nangagpakumbaba sa haring Solomon. **25** At pinalaki ng PANGINOON si Solomon na mainam sa paningin ng boong Israel, at inilagay sa kaniya ang gayong karangalang pagka-hari na hindi napasa kanino mang hari na nana sa kaniya sa Israel.

**26** Si David nga na anak ni Jesse ay naghari sa boong Israel. **27** At ang panahon na kaniyang ipinaghari sa Israel ay apat na puong taon; pitong taon na naghari siya sa Hebron, at tatlong puo't tatlong taon na naghari siya sa Jerusalem. **28** At siya'y namatay sa mabuting katanadaan, puspos ng mga araw, mga kayamanan, at karangalan: at si Solomon na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya. **29** Ang mga gawa nga ni David na hari, una at huli, narito, mga nasusulat sa buhay ni Samuel na tagapagkita, at sa buhay ni Natan na profeta, at sa buhay ni Gad na tagapagkita; **30** sampuo ng boo niyang paghahari, at kaniyang kapangyarihan, at ang mga panahong dinaraan niya, at ng Israel, at ng lahat ng kaharian ng mga lupain.

## ANG IKALAWANG LIBRO NG

# MĀ KRONIKA.

**1** At si Solomon na anak ni David ay tumibay sa kaniyang kaharian, at ang PANGINOONG kaniyang Dios ay sumasa kaniya, at pinalaki siyang mainam. **2** At si Solomon ay nagsalita sa boong Israel, sa mga kapitan ng lilibuhin at dadaamin, at sa mga hukom, at sa bawat pangulo sa boong Israel, sa mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang. **3** Sa gayo'y si Solomon, at ang boong kapulungan na kasama niya, naparoon sa mataas na lugar na nasa Gibeon; sapagka't nandoon ang dampa ng kapisanan sa Dios, na ginawa

sa ilang ni Moises na lingkod ng PANGINOON. **4** Nguni't ang kaban ng Dios ay isinampa ni David mula sa Kiriat-jearim hangang sa lugar na pinaghandaan ni David: sapagka't kaniyang ipinagtayo ng dampa sa Jerusalem. **5** Bukod dito'y ang altar na tanso na ginawa ni Bezalel na anak ni Uri, na anak ni Hur, nandoon sa harap ng talernakulo ng PANGINOON: at inusisa ni Solomon at ng boong kapulungan. **6** At si Solomon ay sumampadon sa altar na tanso sa harap ng PANGINOON, na nasa dampa ng kapisanan,



at naghandog ng isang libong handog na susunugin doon.

7 Ng gabling yaon ay napakita ang Dios kay Solomon, at nagsabi sa kaniyang: Hilingin mo kung ano ang ibibigay ko sa iyo. 8 At sinabi ni Solomon sa Dios: Ikaw ay nagpakita ng malaking kagan-dahang-loob kay David na aking ama, at ginawa mo akong hari na kahalili niya. 9 Ngayon, Oh PANGINOONG Dios, itatag mo ang iyong pangako kay David na aking ama: sapagka't ginawa mo akong hari sa bayang gaya ng alabok ng lupa sa karamihan. 10 Bigyan mo ako ngayon ng karunungan at pagkakilala, upang ako'y makapaglabas pumasok sa harap ng bayang ito: ¿sapagka't sinong makahatol dito sa iyong bayan na totoong malaki? 11 At sinabi ng Dios kay Solomon: Sapagka't ito ang sumaiyong puso, at hindi ka humingi ng kayamanan, pag-aari o karangalan, o ng buhay ng mga napopoot sa iyo o humingi ka kaya ng mahabang buhay; kungdi humingi ka ng karunungan at pagkakilala para sa iyong sarili, upang iyong mahatulan ang aking bayan, na aking pinaggawan sa iyo na hari: 12 karunungan at pagkakilala ay nabigay sa iyo; at bibigyan kita ng kayamanan, at pag-aari, at karangalan, na ang gayon ay walang hari na nagkaroon na una sa iyo, o sino man ay magkakaroon pagkatapos mo ng gayon. 13 Sa gayo'y dumating si Solomon mula sa kaniyang paglalakbay sa mataas na lugar na nasa Gibeon, mula sa harap ng dampa ng kapisanan hangang sa Jerusalem; at siya'y naghari sa Israel.

14 At si Solomon ay nagpisan ng mga karro at mga mangangabayo: at siya'y mairuong isang libo at apat na raang karro, at labing dalawang libong mangangabayo, na kaniyang inigay sa ciudad ng mga karro, at kasama ng hari sa Jerusalem. 15 At ginawa ng hari ang pilak at ginto na maging parang mga bato sa Jerusalem, at ang mga cedro na maging parang mga sikomoro na nasa mababang lupa dahil sa kasaganaan. 16 At ang mga kabayo na tinatankilik ni Solomon ay inilabas sa Egipto; ang mga mangungalakal ng hari ay tumatangap sa kanila ng mga kawan, baw't kawan ay sa halaga. 17 At kanilang isinasampa at inilalabas sa Egipto ang isang karro sa *halayang* anim na raang siklong pilak, at ang isang kabayo sa isang daan at limang puo: at gayon para sa

lahat na hari ng mga Hiteo, at para sa mga hari ng Syria, kanilang mga inilalabas sa pamamag-itan nila.

2 Si Solomon nga ay nagpasiya na ipag-tayo ng bahay ang pangalan ng PANGINOON, at ng isang bahay ang kanilang kaharian. 2 At si Solomon ay bumilang ng pitong pñong libong lalaki upang magpasan ng mga pasan, at walong puong libong lalaki na maninibag ng bato sa mga bundukin, at tatlong libo at anim na raan upang mamahala sa kanila. 3 At si Solomon ay nagsugo kay Huram na hari sa Tiro, na nagsabing: Kung paanong iyong ginawa kay David na aking ama at pinadalhan siya ng mga cedro upang ipagtayo siya ng bahay na matirahan doon, *gayon din ang gawin mo sa akin.* 4 Narito, aking ipinagtatayo ng isang bahay ang pangalau ng PANGINOONG aking Dios, upang italaga sa kaniya, at upang magsunog sa harap niya ng kamanyan na may mga mainam na pabang, at para sa palaging tinapay na handog, at para sa mga handog na susunugin sa kinaumagahan at kinahapunan, sa mga sabado, at sa mga bagong buan, at sa mga takdang kapistahan sa PANGINOONG aming Dios. Ito ang utos sa Israel magpakailan man. 5 At ang bahay na aking itinatayo ay malaki: sapagka't malaki ang aming Dios kay sa lahat na mga dios. 6 Nguni't sinong makapagtatayo sa kaniya ng isang bahay, sa bagay ay ang langit, at ang langit ng mga langit at hindi makakaya sa kaniya? ¿sino nga ako, na makapagtatayo sa kaniya ng isang bahay, liban sa magsunog lamang ng kamanyan sa harap niya? 7 Ngayon nga'y suguan mo ako ng isang lalaki na bihasang mangagawa sa ginto, at sa pilak, at sa tanso, at sa bakal, at sa morado, at mapula, at azul, at ng makauukit, ng *saricaring* ukit, upang *makasama* ng mga matalinong lalaki na kasama ko sa Juda at sa Jerusalem, na itinaan ni David na aking ama. 8 Padalhan mo naman ako ng mga kahoy na cedro, mga kahoy na abeto, at mga kahoy na alium, mula sa Lebano; sapagka't talastas ko na ang iyong mga alipin ay matalinong pumutol ng kahoy sa Lebano; at, narito, ang aking mga alipin ay sasama sa iyong mga alipin, 9 upang ipaghandá ako ng kahoy na sagana: sapagka't ang bahay na aking itatayo ay magiging totoong kagilagilas. 10 At, narito, aking ibibigay sa iyong mga alipin, na mga mamumutol ng kahoy,

ang dalawang puong libong koro\* nang binayong na trigo, at dalawang puong libong koro\* na cebada, at dalawang puong libong bato† ng alak, at dalawang puong libong bato† ng langis. **11** Ng magkagayo'y si Huram na hari sa Tiro ay sumagot sa salta na kaniyang ipinadala kay Solomon: Sapagkat minamahal ng PANGINOON ang kaniyang bayan, ginawa ka niyang hari sa kanila. **12** Sinabi ni Huram bukod dito: Purihin ang PANGINOON, ang Dios ng Israel, na lumukha ng langit at lupa, na nagbigay kay David na hari ng isang pantas na anak, na may bait at kaalaman, na ipagtatayo ng bahay ang PANGINOON, at ng bahay ang kaniyang kaharian. **13** At ngayoy nagsugo ako ng bihasang lalaki na may kaalaman na kay Huram na aking ama, **14** na anak ng isang babaye sa mga anak ni Dan, at ang kaniyang ama ay taga Tiro na bihasang mangagawa sa ginto, at sa pilak, sa tanso, sa bakal, sa bato, at sa kahoy, sa morado, sa azul, at sa pinong kayong puti, at sa matungkad na pula; upang umukit naman ng ano mang paraan ng ukit, at upang kumatha ng ano mang katha: upang magkaroon ng isang takdang lugar sa kaniya na kasama ng iyong mga bihasang lalaki at ng mga bihasang lalaki ng aking panginoong si David na iyong ama. **15** Ngayon ngayoy ang trigo at ang cebada, ang langis at ang alak na sinalita ng aking panginoon, ipadala sa kaniyang mga alipin: **16** at kami ay puputol ng kahoy mula sa Lebanon, kung guano ang iyong kakailanganin: at aming dadalhin sa iyo sa mga balsa na idadaan sa dagat hangang sa Joppa; at iyong isasampa sa Jerusalem. **17** At binilang ni Solomon ang lahat na taga ibong lupa na nasa lupain ng Israel, ayon sa pagbiling na ibinilang ni David na kaniyang ama sa kanila; at nasumpungan ay isang daan at limang puot tatlong libo at anim na raan. **18** At kaniyang inilagay sa kanila ay pitong puong libong tagadala ng pasan, at walong puong libo na mga maninibag ng bato sa mga bundukin, at tatlong libo at anim na raan na tagapamahala upang mag-ayos ng gagawin ng bayan.

**3** Ng magkagayo'y pinasimulan ni Solomon na itayo ang bahay ng PANGINOON sa Jerusalem sa bundok ng Moria (na pinagpakitaan ng PANGINOON kay

David na kaniyang ama,) sa lugar na kaniyang pinaghandaan na pinagtakdaan ni David sa giikan ni Ornan na Jehuseo. **2** At siya'y nagpasimulang nagtayo sa ikalawang araw ng ikalawang buan sa ikaapat na taon ng kaniyang paghahari. **3** Ang mga ito, ang mga cimiento na inilagay ni Solomon para sa pagtatayo ng bahay ng Dios. Ang haba sa mga siko ayon sa pamukat ng una ay anim na puong siko, at ang luang ay dalawang puong siko. **4** At ang malaking pintuan na nasa harap ng bahay, ang haba noo'y ayon sa luang ng bahay, ay dalawang puong siko, at ang taas ay isang daan at dalawang puong siko, at kaniyang binalutan sa loob ng taganas na ginto. **5** At ang lalong malaking bahay ay kaniyang nilangitan ng kahoy na abeto, na kaniyang binalot ng dalisay na ginto, at ginawan niya ng mga palma at mga tanikala. **6** At kaniyang ginawakan ang bahay ng mga mahalagang bato upang kagandahan: at ang ginto, ay ginto sa Paryawa. **7** Kaniyang binalutan naman ang bahay, ang mga sikang, ang mga tungtungan, at ang mga panig at ang mga pinto, ng ginto; at inukitan ng mga kerubin sa mga panig. **8** At kaniyang ginawa ang pinakasantong bahay; ang haba noon, ayon sa luang ng bahay, ay dalawang puong siko, at ang luang noon ay dalawang puong siko; at kaniyang binalutan ng dalisay na ginto, na may timbang na anim na daang talento. **9** At ang bigat ng mga pako ay limang puong siklong ginto. At kaniyang binalot ang pinakamataas na silid ng ginto. **10** At sa pinakasantong bahay ay siya'y gumawa ng dalawang kerubin na gawang nilarawan; at mga binalot nila ng ginto. **11** At ang mga pakpak ng mga kerubin ay dalawang puong siko ang haba: ang pakpak ng isang kerubin ay limang siko, na umaabot sa panig ng bahay; at ang isang pakpak ay gayon din na limang siko na umaabot sa pakpak ng isang kerubin. **12** At ang pakpak ng isang kerubin ay limang siko, na umaabot sa panig ng bahay: at ang kabilang pakpak ay limang siko rin, na lumalaki sa pakpak ng isang kerubin. **13** Ang mga pakpak ng mga kerubin ito ay lumaladlad ng dalawang puong siko: at sila'y nakatayo ng kanilang mga paa, at ang kanilang mga mukha ay nasa dako ng bahay. **14** At kaniyang ginawa ang lambong na azul at morado, at mapula at

\* Koro, ay may limang kaban.

† Bato, ay may labing apat na salap.

pinong kayong puti, at ginawan ng mga kerubin. **15** Siya nama'y gumawa sa harap ng bahay ng dalawang haligi na may tatlong puo't limang siko ang taas, at ang kapitel na nasa ibabaw ng baw't isa sa kanila ay limang siko. **16** At kaniyang ginanawa ng mga tanikala ang orakulo at mga inilagay sa ibabaw ng mga haligi; at siya'y gumawa ng isang daang granada, at mga inilagay sa mga tanikala. **17** At kaniyang mga itinayo ang mga haligi sa harap ng templo, ang isa'y sa kanan, at ang isa'y sa kaliwa; at tinawag ang pangalan noong nasa kanan ay Jakin, at ang pangalan noong nasa kaliwa ay Boaz.

**4** Bukod dito'y gumawa siya ng altar na tanso na dalawang puong siko ang haba noon, at dalawang puong siko ang luang noon, at sampuung siko ang taas noon. **2** Gumawa naman siya ng dagat na binubo na may sampuung siko sa labi't labi na mabilog, at ang taas noon ay limang siko; at isang panali na may tatlong puong siko na umikot sa palibot. **3** At sa ilalim noo'y may kawangis ng mga baka na lumilibot sa palibot, na sampuung siko, na lumiligid sa palibot ng dagat. Ang mga baka ay dalawang hanay, na binubo sa buboan. **4** Nakatayo ang dagat sa labing dalawang baka, tatlo'y tumitingin sa dakong hilagaan, at tatlo'y tumitingin sa dakong kalunuran, at tatlo'y tumitingin sa dakong timugan, at tatlo'y tumitingin sa dakong silanganan: at ang dagat ay napapatong sa kanila sa ibabaw, at ang lahat nilang hulihan ay nasa loob. **5** At ang kapal ng dagat ay isang dangkal; at ang labi noo'y yaring parang labi ng isang tasa, gaya ng bulaklak ng lila; naglululan ng tatlong libong bato\*. **6** Siya nama'y gumawa ng sampuung hugasan, at inilagay ang lima sa kanan, at lima sa kaliwa, upang paghugasan: ang mga bagay na nauukol sa handog na susunugin ay hinugasan doon: nguni't ang dagat ay upang paghugasan ng mga sacerdote. **7** At siya'y gumawa ng sampuung kandelero na ginto ayon sa ayos tungkol sa kanila; at mga inilagay niya sa templo, na lima sa kanan, at lima sa kaliwa. **8** Gumawa naman siya ng sampuung dulang, at mga inilagay sa templo, na lima sa dakong kanan, at lima sa kaliwa. At siya'y gumawa ng isang daang tasang ginto. **9** Bukod dito'y ginawa niya ang looban ng mga sacerdote,

at ang malaking looban, at ang mga pinto para sa looban, at binalot ang mga pinto ng mga yaon ng tanso. **10** At kaniyang inilagay ang dagat sa dakong kanan ng bahay, sa may dakong silanganan na bandang timugan. **11** At ginawa ni Huram ang mga paliok, at ang mga pala, at ang mga mankok. Gayon tinapos ni Huram ang paggawa ng gagawin na ginawa niya para sa haring Solomon sa bahay ng Dios: **12** ang dalawang haligi at ang mga kabilugan, at ang dalawang kapitel na nasa dulo ng mga haligi; at ang dalawang yaring lambat na tumatakip sa dalawang kabilugan ng mga kapitel na nasa dulo ng mga haligi; **13** at ang apat na raang granada para sa dalawang yaring lambat; dalawang hanay na granada para sa baw't yaring lambat, upang tumakip sa dalawang kabilugan ng mga kapitel na nasa ibabaw ng mga haligi. **14** Siya'y gumawa naman ng mga tuntungan, at ang mga hugasan ay ginawa niya sa ibabaw ng mga tungtungan; **15** isang dagat, at labing dalawang baka ay sa ilalim noon. **16** Ang mga paliok naman at ang mga pala, at ang mga panduro at lahat ng kasangkapan noon, ginawa ni Huram na kaniyang ama sa haring Solomon para sa bahay ng PANGINOON na tansong binuli. **17** Sa kapatagan ng Jordan mga binubo ng hari sa malagkit na lupa sa pag-itan ng Sukot at ng Zereda. **18** Ganito ginawa ni Solomon ang lahat na kasangkapan ito na totoong sagana; sapagka't ang timbang ng tanso ay hindi makukuro. **19** At ginawa ni Solomon ang lahat na kasangkapan na nasa bahay ng Dios, ang ginto na altar din naman, at ang mga dulang na kinaroroonan ng tinapay na handog; **20** at ang mga kandelero na kalakip ng mga ilawan noon, na mga paniningasan ayon sa ayos sa harap ng orakulo na taganas na ginto; **21** at ang mga bulaklak, at ang mga ilawan, at ang mga gunting na ginto, at dalisay na ginto: **22** at ang mga gunting, at ang mga tasa, at ang mga panaudok, at ang mga pansuob, na taganas na ginto: at tungkol sa pasukan ng bahay, ang mga pinakaloob na pinto noon para sa pinakasantong lugar, at ang mga pinto ng bahay ng templo, ay ginto.

**5** Ganito natapos ang gagawing ginawa ni Solomon sa bahay ng PANGINOON. At ipinasok ni Solomon ang mga bagay na itinalaga ni David na kaniyang ama,

\* Bato, may labing apat na salop.

ang pilak, at ang ginto, at lahat ng kasangkapan, at mga inilagay sa mga ingatang yaman ng bahay ng Dios.

2 Ng magkagayo'y pinisan ni Solomon ang mga matanda ng Israel, at ang lahat na pangulo sa mga angkang, ang mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang ng mga anak ng Israel, sa Jerusalem, upang isampa ang kaban ng tipan ng PANĠNOON mula sa ciudad ni David na siyang Zion. 3 At ang lahat na lalaki sa Israel ay nagpipisan sa hari sa kapistahan, na nasa ikapitong buan. 4 At ang lahat ng matanda sa Israel ay naparoon, at pinasan ng mga Levita ang kaban. 5 At kanilang isinampa ang kaban, at ang dampa ng kapisanan, at lahat ng santong kasangkapan na nasa Dampa; ang mga ito'y isinampa ng mga sacerdoteng Levita. 6 At ang haring Solomon at ang boong kapulungan ng Israel, na nagpipisan sa kaniya, ay na-a harap ng kaban na nagbahayin ng mga tupa at mga baka, na di masasaysay o mabibilang man dahil sa karanihan. 7 At ipinasok ng mga sacerdote ang kaban ng tipan ng PANĠNOON sa lugar niya, sa loob ng orakulo ng bahay, sa pinakasantong lugar, sa ilalim ng mga pakpak ng mga kerubin. 8 Sapagka't ibinubuka ng mga kerubin ang kanilang mga pakpak sa lugar ng kaban, at ang mga kerubin ay nagpapalilim sa kaban, at sa mga pinga sa ibabaw. 9 At ang mga pinga ay totoong mahaba, na ang mga dulo ng mga pinga ay nakikita mula sa kaban sa harap ng orakulo: nguni't hindi mga nakikita sa labas: at nandoon hangang sa araw na ito. 10 Walang ano mang bagay sa kaban liban sa dalawang tabla na inilagay ni Moises sa Horeb, ng ang PANĠNOON ay gumawa ng tipan sa mga anak ng Israel, ng sila'y lumabas sa Egipto. 11 At nangyari, ng ang mga sacerdote ay lumabas sa santong lugar, (sapagka't ang lahat na sacerdote na nahaharap ay nangagpakasanto, at hindi sinuod ang kanilang pagkakahalihalili; 12 ang mga Levita naman na mga mang-aawit, silang lahat, na si Asaf, si Heman, si Jedutun, at ang kanilang mga anak, at ang kanilang mga kapatid na may suot na pinong kayong puti, na may mga cimbalu at mga salterio at mga alpa na nakatayo sa dakong silanganang sulok ng altar, at kasama nila'y isang daan at dalawang puong sacerdote na nagpapatunog ng mga pakpak: 13 nangyari nga, ng ang mga nagpapa-

kakak at mga mang-aawit ay nagkakatugna, upang magpatunog ng isang tumog na marinig sa pagdalanngin at pasasalamat sa PANĠNOON; at ng kanilang itaas ang kanilang voces na katugma ng mga pakpak, at mga cimbalu, at mga instrumentong musika, at pumuri sa PANĠNOON, na nagsabing: Sapagka't siya'y mabuti; sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man: na ng magkagayo'y ang bahay ay napuno ng alapaap, ang bahay ng PANĠNOON, 14 na ano pa't ang mga sacerdote ay hindi makapamahala dahil sa alapaap: sapagka't pinuno ng kalualhatian ng PANĠNOON ang bahay ng Dios.

6 Ng magkagayo'y nagsalita si Solomon: Ang PANĠNOON'y nagsabi na siya'y tataan sa salimuot na kadiliman. 2 Nguni't ipinagtayo kita ng isang bahay na tahanan, at isang lugar para sa iyo na tahanan magpakailan man. 3 At ipinihit ng hari ang kaniyang mukha, at binasbasan ang boong kapulungan ng Israel: at ang boong kapulungan ng Israel ay tumayo. 4 At kaniyang sinabing: Purihin ang PANĠNOON, ang Dios ng Israel, na nagsalita ng kaniyang bibig kay David na aking ama, at tinupad ng kaniyang mga kamay, na sinabing: 5 Mula sa araw na aking ilabas ang aking bayan mula sa lupain ng Egipto, hindi ako pumili ng ciudad sa lahat na angkan ng Israel upang pagtayaran ng bahay, upang ang aking pangalan ay dumoon; o pumili man ako ng sino mang lalaki upang maging pangulo sa aking bayang Israel: 6 kungdi aking pinili ang Jerusalem upang ang aking pangalan ay dumoon; at aking pinili si David upang maging sa aking bayan Israel. 7 Nasa puso nga ni David na aking ama ang ipagtayo ng isang bahay ang pangalan ng PANĠNOON, ang Dios ng Israel. 8 Nguni't sinabi ng PANĠNOON kay David na aking ama: Sa paraang nasa iyong puso ang ipagtayo ng isang bahay ang aking pangalan, mabuti ang iyong ginawa na inakala mo sa iyong puso: 9 gayon ma'y hindi mo itatayo ang bahay; kungdi ang iyong anak na lalabas sa iyong mga balakang, siyang magtatayo ng bahay para sa aking pangalan. 10 At tinupad ng PANĠNOON ang kaniyang salita na kaniyang sinalita; sapagka't ako'y nagbangon na kahalili ni David na aking ama, at umupo sa luklukan ng Israel, gaya ng ipinangako ng PANĠNOON, at nagtayo ako n' bahay para sa pangalan ng PANĠNOON, ng Dios ng Is-

rael. **11** At doo'y aking inilagay ang kaban na kinaroroonan ng tipan ng PANĠNOON, na kaniyang ginawa sa mga anak ng Israel.

**12** At siya'y tumayo sa harap ng altar ng PANĠNOON sa harap ng boong kapulungan ng Israel, at iniunat ang kaniyang mga kamay: **13** (sapagka't gumawa si Solomon ng isang tungtungan tauso, na may limang siko ang haba, at limang siko ang luang, at tatlong siko ang taas, at inilagay sa gitna ng looban; at sa ibabaw noo'y tumayo siya, at lumuhod ng kaniyang mga tuhod sa harap ng boong kapulungan ng Israel, at iniunat ang kaniyang mga kamay sa dakong langit:.) **14** at kaniyang sinabing: Oh PANĠNOON, Dios ng Israel, walang Dios na gaya mo, sa langit o sa lupa; na nag-iingat ng tipan at ng kaawaan sa iyong mga alipin na lumalakad sa harap mo ng kanilang boong puso: **15** na siyang tumupad sa iyong aliping kay David na aking ama, ng iyong ipinangako sa kaniya: oo, ikaw ay nagsalita ng iyong bibig, at tinupad mo ng iyong kamay, gaya sa araw na ito. **16** Ngayon nga, Oh PANĠNOON, Dios ng Israel, ingataw mo sa iyong aliping kay David na aking ama ang iyong ipinangako sa kaniya, na iyong sinabing: Hindi magkukulang sa iyo ng lalaki sa aking paningin upang umupo sa luklukan ng Israel; kung ang iyong mga anak lamang ay mag-iingat ng kanilang lakad, na lumakad sa aking kautusan, gaya ng inilakad mo sa harap ko. **17** Ngayon nga, Oh PANĠNOON, na Dios ng Israel, papang-yarihin mo ang iyong salita na iyong sinalita sa iyong aliping kay David. **18** Ngunit katotohanan bang ang Dios ay tatahang kasama ng mga tawo sa lupa? narito, ang langit at ang langit ng mga langit ay hindi makakaya sa iyo; gaano pa ngang kaliit ng bahay na ito na aking itinayol **19** Gayon ma'y iyong pagpitaganan ang dalangin ng iyong alipin, at ang kaniyang pamanhik, Oh PANĠNOONG aking Dios, na duminig ng daing at ng dalangin na idinalangin ng iyong alipin sa harap mo: **20** na ano pa't ang iyong mga mata ay idilat sa dakong bahay na ito araw at gabi, sa dakong lugar na iyong pinagsabihan na iyong ilalagay ang iyong pangalan doon: upang dingin ang dalangin na idadalangin ng iyong alipin sa dakong lugar na ito. **21** At dingin mo ang mga pamanhik ng iyong alipin, at ng iyong bayang Israel, pagka sila'y dadalangin

sa dakong lugar na ito: oo, dingin mo mula sa iyong tahanang lugar, na mula sa langit; at pagka iyong naringin, patawarin mo. **22** Kung ang isang lalaki ay magkasala laban sa kaniyang kapua, at papanumpain siya upang siya'y sumumpa, at siya'y pumarito at manumpa sa harap ng iyong altar sa bahay na ito: **23** dingin mo nga mula sa langit, at iyong gawin, at hatulan mo ang iyong mga alipin, na papagbayarin ang masama, upang iyong dalhin ang kaniyang lakad sa kaniyang sariling ulo: at patotohanan ang banal, upang bigyan siya ng ayon sa kaniyang kabanalan. **24** At kung ang iyong bayang Israel ay masugatan sa harap ng kaaway, dahil sa sila'y nagkasala laban sa iyo; at magbalik-loob, at isaysay ang iyong pangalan, at dumalangin at mamanhik sa harap mo sa bahay na ito; **25** dingin mo nga mula sa langit, at ipatawad mo ang sala ng iyong bayang Israel, at dalhin mo sila uli sa lupain na iyong ibinigay sa kanila at sa kanilang mga magulang. **26** Pagka ang langit ay nasarhan, at walang ulan, dahil sa sila'y nagkasala laban sa iyo: kung sila'y dumalangin sa dako ng lugar na ito, at saysayin ang iyong pangalan, at iwan ang kanilang kasalanan, pagka iyong pinighati sila: **27** dingin mo nga sa langit, at ipatawad mo ang kasalanan ng iyong mga alipin, at ng iyong bayang Israel, pagka iyong tinuturuan sila ng mabuting daan na kanilang lalakaran; at magsugo ka ng ulan sa iyong lupain na iyong ibinigay sa iyong bayan na pinakamana. **28** Kung magkaroon sa lupain ng kagutom, kung magkaroon ng salot, kung magkaroon ng pagkalanta o amag, balang arbeh o balang chasil; kung kulungin sila ng kanilang mga kaaway sa lupain ng kanilang mga ciudad; ano mang salot o ano mang sakit na magkaroon; **29** ano mang dalangin at pamanhik na gawin ng sino mang tawo, o ng iyong boong bayang Israel, na makikilala ng baw't isa ang kaniyang sariling salot at ang kaniyang sariling sakit, at iunat ang kaniyang mga kamay sa dako ng bahay na ito: **30** dingin mo nga mula sa langit na iyong tahanang lugar, at iyong ipatawad, at gumanti ka sa baw't tawo ayon sa lahat niyang mga lakad na ang puso ay iyong nakikilala; (sapagka't ikaw, ikaw lamang ang nakakakilala ng mga puso ng mga anak ng mga tawo;) **31** upang sila'y matakot sa iyo, upang lumakad sa

iyong mga daan, habang sila'y nabubuhay sa lupain na iyong ibinigay sa aming mga magulang. **32** Bukod dito'y tungkol sa taga ibang lupa, na hindi sa iyong bayang Israel, pagka siya'y nagbubuhay sa isang malayong lupain dahil sa iyong dakilang pangalan, at sa iyong makapangyarihang kamay, at sa iyong amat na kamay; pagka sila'y paririto at dadalangin sa dako ng bahay na ito: **33** dingin mo nga mula sa langit, mula sa iyong tahananang lugar, at gawin mo ang ayon sa lahat na itawag sa iyo ng taga ibang lupa; upang makilala ng lahat ng bayan sa lupa ang iyong pangalan, at matakot sa iyo, na gaya ng iyong bayang Israel, at upang kanilang makilala na ang bahay na ito na aking itinayo ay tinatawag sa pamamag-itan ng iyong pangalan. **34** Kung ang iyong bayan ay lumabas sa pakikipagbaka laban sa kanilang mga kaaway, saan mo man sila seguin, at manalangin sa iyo sa dako ng ciudad na ito na iyong pinili, at sa dakong bahay na aking itinayo para sa iyong pangalan: **35** dingin mo nga mula sa langit ang kanilang dalangin at ang kanilang pamahik, at alalayan mo ang kanilang usap. **36** Kung sila'y magkasala laban sa iyo, (sapagka't walang tawo na di nagkasala), at ikaw ay magalit sa kinila, at ibigay mo sila sa kaaway, na ano pa't sila'y dalhing bihag sa isang lupuing malayo o malapit; **37** gayon man'y kung sila'y magbulay sa kanilang sarili sa lupain na pagdadalang bihag sa kanila, at magbalik-loob, at mamahik sa iyo sa lupain ng kanilang pagkabiha, na magsabing: Kami ay nagkasala, kami ay gumawa ng kalikuan, at gumawa ng kasinaan; **38** kung sila'y magbalik-loob sa iyo ng boong puso nila at ng boong kaluluwa nila sa lupain ng kanilang pagkabiha, saan man sila dalhing bihag, at manalangin sa dako ng kanilang lupain na iyong ibinigay sa kanilang mga magulang, at ng ciudad na iyong pinili, at sa dako ng bahay na aking itinayo para sa iyong pangalan: **39** dingin mo nga mula sa langit, mula sa iyong tahananang lugar ang kanilang dalangin at ang kanilang mga pamahik, at alalayan mo ang kanilang usap; at patawarin mo ang iyong bayan na nagkasala laban sa iyo. **40** Ngayon, Oh Dios ko, isinasamo ko sa iyo na iyong idilal ang iyong mga mata, at pakingnan ng iyong mga pakinig ang dalangin na gawin sa lugar na ito. **41** Ngayon nga'y mag-

bangon ka, Oh PANGINOONG Dios, sa iyong pahingalang lugar, ikaw, at ang kuban ng iyong kalakasan: suotan mo ng kaligtasan, Oh PANGINOONG Dios, ang iyong mga sacerdote, at ang iyong mga santo ay magalak sa kabatilan. **42** Oh PANGINOONG Dios, luag mong itungo ang mukha ng iyong pinahiran: alalahanin mo ang mga kaawaan kay David na iyong alipin.

**7** Ngayo'y ng makatapos ng pananalangin si Solomon, ang apoy ay lumagpak mula sa langit, at sinupok ang handog na susunggin at ang mga hayin; at pinuno ng kalualhatian ng PANGINOON ang bahay. **2** At ang mga sacerdote ay hindi makapasok sa bahay ng PANGINOON, sapagka't pinuno ng kalualhatian ng PANGINOON ang bahay ng PANGINOON. **3** At ang lahat na anak ng Israel ay tumungin, ng ang apoy ay lumagpak, at ang kalualhatian ng PANGINOON ay nasa bahay; at sila'y nangagpatirapa sa lupa sa pavemento, at sumamba, at nagpasalamat sa PANGINOON, na nagsabing: Sapagka't siya'y makuti; sapagka't ang kaniyang kawaan ay magpakailan man. **4** Ng magkagayo'y ang hari at ang boong bayan ay naghandog ng hayin sa harap ng PANGINOON. **5** At ang hariang Solomon ay naghandog ng hayin na dalawang puot dalawang libo na baka, at isang daan at dalawang puong libo na tupa. Gayon ang hari at ang boong bayan nagtalaga sa bahay ng Dios. **6** At ang mga sacerdote ay tumayo ayon sa kanilang mga katungkulan; gayon din ang mga Levita na may mga instrumento ng musika ng PANGINOON, na ipinagpasalamat ni David na hari sa PANGINOON, sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man; ng si David ay domalangin sa pamamag-itan ng kaniyang pamamahala: at ang mga sacerdote ay nagpatung ng mga pakakak sa harap nila; at ang boong Israel ay tumayo. **7** Bukod dito'y pinapaging santo ni Solomon ang gitua ng looban na nasa harap ng bahay ng PANGINOON; sapagka't doon niya inihandog ang mga handog na susunggin, at ang taba ng mga handog tungkol sa kapayapaan: sapagka't ang tansong altar na ginawa ni Solomon ay hindi makakaya sa handog na susunggin, at sa handog na hari-na, at sa tala. **8** Na gayo'y ipinagdiwang ang kapistahan ng panahong yon na pitong araw, ni Solomon, at ng boong Israel na kasama niya, ng totoong malaking kapu-

lungan, mula sa pasukan sa Hamat hanggang sa batis ng Egipto. 9 At ng ikawalong araw ay sila'y nagdiwang ng dakilang kapisanan, sapagka't kanilang iningatan ang pagtatalaga sa altar na pitong araw, at ang kapistahan ay pitong araw. 10 At ng ikadalawang puot't talong araw ng ikapitong buan, kaniyang pinapagpaalam ang bayan sa kanilang mga dampa, na galak at may masayang puso dahil sa kabutihan na ipinakita ng PANGINOON kay David, at kay Solomon, at sa Israel na kaniyang bayan.

11 Ganito tinapos ni Solomon ang bahay ng PANGINOON, at ang bahay ng hari: at lahat na nasok sa puso ni Solomon na gawin sa bahay ng PANGINOON, at sa kaniyang sariling bahay nagkawakas ng mabuti. 12 At ang PANGINOON ay napa-kita kay Solomon ng kinagabihan, at nagsabi sa kaniyang: Aking narinig ang iyong dalangin, at pinili ko ang lugar na ito sa aking sarili na pinakabahay na hayinan. 13 Kung aking sarhan ang langit na ano pa't huag magkaroon ng ulan, o kung aking utusan ang balang arbeh na lamunin ang lupain, o kung ako'y magsugo ng salot sa gitna ng aking bayan; 14 kung ang aking bayan na tinatawag sa pamamagitan ng aking pangalan ay magpakumbaba at dumalangin, at hanapin ang aking mukha, at talikuran ang kanilang masamang mga lakad; akin ngang didingin mula sa langit, at patatawarin ng kanilang kasalanan, at pagagalingin ko ang kanilang lupain. 15 Ngayo'y ang aking mga mata ay madidilat, at ang aking mga pakinig ny makikinig, sa dalangin na gagawin sa lugar na ito. 16 Sapagka't ngayon ay aking pinili at pinapaging santo ang bahay na ito, upang ang aking pangalan ay dumoon magpakailan man; at ang aking mga mata at ang aking puso ay doroong palagi. 17 At tungkol sa iyo, kung ikaw ay lalakad sa harap ko, gaya ng inilakad ni David na iyong ama, at iyong gagawin ang ayon sa lahat na aking inutos sa iyo, at iyong iningatan ang aking mga palatuntunan at aking mga kahalutlan; 18 akin ngang itatag ang luklukan ng iyong kaharian ayon sa aking itinipan kay David na iyong ama, na aking sinabing: Hindi magtukulang sa iyo ng lalaki na magpupuno sa Israel. 19 Nguni't kung kayo ay hihiwalay, at iwan ninyo ang aking mga palatuntunan, at ang aking mga utos na aking imilagay sa harap ninyo, at yayaon at maglilingkod sa

ibang mga dios, at sasamba sa kanila: 20 akin ngang bubunutin sila sa aking lupain na aking ibinigay sa kanila; at ang bahay na ito na aking pinapaging santo para sa aking pangalan, aking ihahagis sa aking paningin, at gagawin ko siyang isang kawikaan, at isang kabiruan sa gitna ng lahat ng bayan. 21 At ang bahay na ito na totoong mataas, bawa't magdaan sa kaniya'y magtataka, at magsasabing: Bakit ginawa ng PANGINOON ang ganito sa lupaing ito, at sa bahay na ito? 22 At sila'y sasagot: Sapagka't kanilang pinabayaan ang PANGINOON, ang Dios ng kanilang mga magulang na naglabas sa kanila sa lupain ng Egipto, at naghawak sa ibang mga dios at mga sinamba nila, at mga pinaglingkuran nila: kaya't kaniyang dinala ang lahat na kasamang ito sa kanila.

8 At nangyari, sa katapusan ng dalawang puong taon sa pinagtayuan ni Solomon ng bahay ng PANGINOON, 2 at ng kaniyang sariling bahay, na ang mga ciudad na ibinigay ni Hiram kay Solomon, mga itinayo ni Solomon, at pinatahan doon ang mga anak ng Israel.

3 At si Solomon ay naparoon sa Hamat-zoba at nanaig laban doon. 4 At kaniyang itinayo ang Tadmor sa ilang, at ang lahat na ciudad na imbakan na kaniyang itinayo sa Hamat. 5 Itinayo naman niya ang Bet-horon na mataas, at ang Bet-horon na mababa, na mga ciudad na nakukutaan, na may mga kuta, mga pintuang-daan at mga halang; 6 at ang Baalat, at ang lahat na ciudad na imbakan na tinatankilik ni Solomon, at lahat na mga ciudad para sa kaniyang mga karro, at ang mga ciudad para sa kaniyang mangangabayo, at lahat na ninasa ni Solomon, na itayo para sa kaniyang kasayahan sa Jerusalem, at sa Lebano, at sa boong lupain ng kaniyang sakop. 7 Tungkol sa boong bayan na naiwan, mga Hiteo, at mga Amorreo, at mga Perizeo, at mga Hiveo, at mga Jebuseo, na hindi sa Israel; 8 ang kanilang mga anak na naiwan pagkamatay nila sa lupain na hindi pinatay ng mga anak ng Israel, sa kanila naglagay si Solomon ng pulutong na mga alipin, hangang sa araw na ito. 9 Nguni't ang mula sa mga anak ng Israel hindi ginawa ni Solomon na mga alipin para sa kaniyang gagawin; kungdi sila'y mga lalaking pangbaka, at mga puno sa kaniyang mga kapitan, at mga puno sa kaniyang mga karro, at sa kaniyang

mga mangangabayo. **10** At ito ang mga punong oficial ng haring Solomon, na dalawang daan at limang puo na nagpupuno sa bayan. **11** At isinampa ni Solomon ang anak na babaye ni Faraon mula sa ciudad ni David hangang sa bahay na kaniyang itinayo para sa kaniya: sapagka't kaniyang sinabing: Hindi tatahan ang aking asawa sa bahay ni David na hari sa Israel, sapagka't ang mga lugar ay santo na pinagpasukan sa kaban ng PANGINOON.

**12** Ng magkagayo'y naghandog si Solomon ng mga handog na susunugin sa PANGINOON, sa altar ng PANGINOON na kaniyang itinayo sa harap ng malaking pintuan, **13** ayon sa kailangan sa bawa't araw, na naghahandog ayon sa utos ni Moises, sa mga sabado, at sa mga bagong buan, at sa mga takdang kapistahan, na makaitlo sa isang taon, sa kapistahan ng tinapay na walang lewadura, at sa kapistahan ng mga sanglingo, at sa kapistahan ng mga balag. **14** At siya'y naghalal, ayon sa ayos ni David na kaniyang ama ng mga bahagi ng mga sacerdote sa kaniyang paglilingkod, at ng mga Levita sa kaniyang mga katungkulan upang pumuri, at upang mamahala sa harap ng mga sacerdote, ayon sa kailangan ng katungkulan sa bawa't araw: ang mga taga-tanod-pinto naman ayon sa kaniyang mga bahagi sa bawa't pintuang-daan: sapagka't gayon ang inutos ni David na lalaki ng Dios. **15** At sila'y hindi humiwalay sa utos ng hari sa mga sacerdote at mga Levita tungkol sa ano mang bagay, o tungkol sa mga kayamanan. **16** Ang lahat ngang gawa ni Solomon ay nahahanda sa araw ng pagtatayo ng bahay ng PANGINOON, at hangang sa natapos. Sa gaya'y nalubos ang bahay ng PANGINOON.

**17** Ng magkagayo'y naparoon si Solomon sa Ezion-geber, at sa Eilat, sa tali ng dagat sa lupain ng Edom. **18** At nagpadala sa kaniya si Huram ng mga sasakyang dagat sa pamamag-itan ng kamay ng kaniyang mga alipin, at mga alipin na bilasa sa dagat; at sila'y naparoon na kasama ng mga alipin ni Solomon sa Ofir, at nagdala mula reon ng apat na raan at limang puong talento na ginto, at dinala sa haring Solomon.

**9** At ng marinig ng reina sa Seba ang kabantugan ni Solomon, siya'y naparoon upang tikman si Solomon, ng mga mahirap na taong sa Jerusalem, na may

maraming kaakbay, may mga kamello na may paang mga pabango, at ginto na sagana, at mga mahalagang bato: at ng siya'y pumaroon kay Solomon, kaniyang iuhinga sa kaniya ang lahat na nasakaniyang puso. **2** At isinaysay ni Solomon sa kaniya ang lahat niyang tanong: at walang bagay na lilim kay Solomon na hindi kaniyang isinaysay sa kaniya. **3** At ng makita ng reina sa Seba ang karunungan ni Solomon, at ang bahay na kaniyang itinayo, **4** at ang pagkain sa kaniyang dulang, at ang banay ng kaniyang mga lingkod, at ang pagharap ng kaniyang mga tagapamahala, at ang kanilang mga pananamit; gayon din ang kaniyang mga kopero, at ang kanilang mga pananamit; at ang kaniyang sampahan na kaniyang sinasampahan sa bahay ng PANGINOON: nawaian ng espiritu sa kaniya. **5** At sinabi niya sa haring: Tunay na balita ang aking narinig sa aking sariling lupain tungkol sa iyong mga gawa, at sa iyong karunungan. **6** Gayon ma'y hindi ko pinaniwalaan ang kaniyang mga salita hangang sa ako'y dumating, at nakita ng aking mga mata: at, narito, ang kalabati ng kalakhan ng iyong karunungan ay hindi nasaysay sa akin: ikaw ay humihigit sa kabantugan na aking narinig. **7** Mapalad ang iyong mga lalaki, at mapalad ang iyong mga lingkod na ite, na tumatayong palagi sa harap mo, at nakakarinig ng iyong karunungan. **8** Purihin ang PANGINOONG iyong Dios, na nalulugod sa iyo, upang ilagay ka sa kaniyang luklukan, upang maging hari para sa PANGINOONG iyong Dios: sapagka't mipamahal ng iyong Dios ang Israel, upang mga itatag magpakailan man, kaya't ginawa ka niyang hari sa kanila, upang gumawa ng kaha-tulan at ng hatol. **9** At siya'y nagbigay sa hari ng isang daan at dalawang puong talento na ginto, at mga pabango na totoong sagana, at mga mahalagang bato: at hindi nagkaroon pa ng gayong pabango na gaya ng ibinigay ng reina sa Seba sa haring Solomon. **10** At ang mga alipin naman ni Huram, at ang mga alipin ni Solomon, na nagdala ng ginto mula sa Ofir, nagdala ng mga kahoy na al gum at mga mahalagang bato. **11** At ginawang mga hagdanan ng hari ang mga kahoy na al gum para sa bahay ng PANGINOON, at para sa bahay ng hari, at mga alpa, at mga salterio para sa mga mang-aawit; at wala ng nakita pang gaya noon sa lupain ng Juda,



**12.** At ang haring Solomon ay nagbigay sa reina sa Seba, ng lahat niyang nasa, ano mang hiniingi niya, bukod sa *timbang* ng kaniyang dinala sa hari. Sa gayo'y siya'y nagbalik, at naparoon sa kaniyang sariling lupain, siya at ang kaniyang mga lingkod.

**13** Ang *timbang* nga ng ginto na dumating kay Solomon sa isang taon ay anim na raan at anim na puo't anim na talentong ginto; **14** bukod doon sa dinala ng mga magsisinamay at mga mangangalakal: at ang lahat na hari sa Arabia at ang mga gobernador sa lupain ay nagdala ng ginto at pilak kay Solomon. **15** At ang haring Solomon ay gumawa ng dalawang daang kalasag na pinukpok na ginto: anim na raang *siklo* na pinukpok na ginto ang ginamit sa bawa't kalasag. **16** At *siya'y gumawa* ng tatlong daang kalasag na pinukpok na ginto; tatlong daang *siklo* na ginto ang ginamit sa bawa't kalasag: at mga inilagay ng hari sa bahay sa gubat ng Lebano. **17** Bukod dito'y gumawa ang hari ng isang malaking luklukang garing, at binalot ng tagaras na ginto. **18** At may anim na baitang sa luklukan, at isang gintong unan, na mga nakakapit sa luklukan, at may mga kamay sa bawa't tagiliran sa siping ng lugar ng upuan, at dalawang leon ang nakatayo sa siping ng mga pinakakamay. **19** At labing dalawang leon ang nakatayo doon sa isang dako at sa kabilang dako sa ibabaw ng anim na baitang: walang nagawang gayon sa alin mang kaharian. **20** At ang lahat na sisidlang inumin ni Solomon ay ginto, at ang lahat na sisidlang sa bahay sa gubat ng Lebano ay taganas na ginto: ang pilak ay hindi mahalaga sa mga kaarawan ni Solomon. **21** Sapagka't ang hari ay may mga sasakyan na naparoon sa Tarsis na kasama ng mga alipin ni Huram: minsam sa bawa't tatlong taon ay dumarating ang mga sasakyan na *yari* sa Tarsis, na nagdala ng ginto, at pilak, garing, at mga ungoy, at mga pavo real. **22** Sa gayo'y ang haring Solomon ay humihigit sa lahat ng hari sa lupa, sa kayamanan at karunungan. **23** At hinanap ng lahat ng hari sa lupa ang harapan ni Solomon, upang makinig ng kaniyang karunungan, na inilagay ng Dies sa kaniyang puso. **24** At sila'y nagdala bawa't isa ng kaniyang kaloob, na mga sisidlang pilak, at mga sisidlang ginto, at damit, sakbat, at mga pabango, mga kabayo, at mga mula, isang takdang kayamanan sa

taon-taon. **25** At si Solomon ay may apat na libong pahingahan ng tig-isang kabayo, at mga karro, at labing dalawang libong mangangabayo, na kaniyang mga inilagay sa mga ciudad ng mga karro, at kasama ng hari sa Jerusalem. **26** At siya'y nagpuno sa lahat ng hari mula sa Ilog hangang sa lupain ng mga Filisteo, at sa hanganan ng Egipto. **27** At ginawa ng hari na maging parang mga bato ang pilak sa Jerusalem, at ang mga cedro ay ginawa niyang maging parang mga puno ng sikomoro na nasa mahabang lupa, dahil sa kasaganaan. **28** At sila'y nagdala ng mga kabayo kay Solomon mula sa Egipto, at mula sa lahat ng lupain.

**29** Ang liba nga sa mga gawa ni Solomon, na una at huli, i di la mga nasusulat sa buhay ni Natan na profeta, at sa panghuhula ni Ahijas na Silonita, at sa mga malikmata ni Iddo na tagapagkita tungkol kay Jeroboam na anak ni Nebat? **30** At si Solomon ay naghari sa Jerusalem sa boong Israel na apat na puong taon. **31** At natulog si Salomon na kasama ng kaniyang mga magulang, at siya'y nalibing sa ciudad ni David na kaniyang ama: at si Rehoboam na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**10** At si Rehoboam ay naparoon sa Sekem: sapagka't ang boong Israel ay naparoon sa Sekem upang gawin siyang hari. **2** At nangyari, ng marinig ni Jeroboam na anak ni Nebat, (sapagka't siya'y nasa Egipto, na siya niyang tinakasan mula sa harap ng haring Solomon), na si Jeroboam ay nagbalik mula sa Egipto. **3** At sila'y nagsugo, at tinawag nila siya; at si Jeroboam at ang boong Israel ay naparoon, at sila'y nagsalita kay Rehoboam, na nagsabing: **4** Pinabigat ng iyong ama ang aming pamatok: ngayon nga'y pagaanin mo ang mabigat na paglilingkod sa iyong ama, at ang mabigat niyang pamatok na ipinatong niya sa amin, at kami ay maglilingkod sa iyo. **5** At sinabi niya sa kanilang: Parito uli kayo sa akin pagkatapos ng tatlong araw. At ang bayan ay yumaon. **6** At ang haring Rehoboam ay kumuhang payo sa mga matanda na tumayo sa harap ni Solomon na kaniyang ama samantalang siya'y nabubuhay pa, na nagsabing: **7** Anong payo ang ibinibigay ninyo sa akin upang magbalik ng sagot sa bayang ito? **7** At sila'y nagsalita sa kaniya, na nagsabing: Kung ikaw ay magiging magandang-loob sa bayan ito, at iyong pagbibigyang loob sila,

at magsasalita ng mga mabuting salita sa kanila, iyo ngang magiging alihin sila magpakailan man. **8** Nguni't iniwan niya ang payo ng mga matanda na kanilang ibinigay sa kaniya, at kumuhang payo sa mga binata na lumakig kasabay niya, na tumayo sa harap niya. **9** At sinabi niya sa kanilang: *¿*Anong payo ang ibinigay ninyo, upang maibalik nating sagot sa bayang ito, na nagsalita sa akin, na nagsabing: Pagaamin mo ang pamatok na ipinatong ng iyong ama sa amin? **10** At ang mga binata na lumaki na kasabay niya, nagsalita sa kaniya, na nagsabing: Ganito ang iyong sasabihin sa bayan na nagsalita sa iyo, na nagsabing: Pinabigat ng iyong ama ang auring pamatok, nguni't pagaamin mo sa amin: ganito ang iyong sasabihin sa kanila: Ang aking kalingkingan ay makapal kay sa mga balakang ng aking ama. **11** At sa paraan ngang pinatungan kayo ng aking ama ng mabigat na pamatok, aking dadagdagan ang inyong pamatok: pinarusahan kayo ng aking ama ng mga latigo, nguni't parurusahan ko kayo ng mga alagdan. **12** Sa gayo'y naparoon si Jeroboam at ang boong bayan kay Rehoboam ng ikalóng araw, gaya ng iniutos ng hari, na sinabing: Bumalik kayo sa akin sa ikatlong araw. **13** At ang hari ay sumagot sa kanila, na may katigasan; at iniwan ng haring Rehoboam ang payo ng mga matanda. **14** At nagsalita sa kanila ayon sa payo ng mga binata, na nagsabing: Pinabigat ng aking ama ang inyong pamatok, nguni't aking dadagdagan pa: pinarusahan kayo ng aking ama ng mga latigo, nguni't parurusahan ko kayo ng mga alagdan. **15** Sa gayo'y hindi dininig ng hari ang bayan; sapagka't buhat sa Dios, upang itatag ng PANGINOON ang kaniyang sinalita sa pamamagitan ng kamay ni Ahijas na Silonita kay Jeroboam na anak ni Nebat. **16** At ng makita ng boong Israel na hindi sila dininig ng hari, sumagot ang bayan sa hari, na nagsabing: *¿*Anong bahagi mairoon kami kay David? At wala kamiing mana sa anak ni Jesse: bawa't tawo sa inyong mga dampa, Oh Israel: ngayo'y tumingin ka sa iyong sariling bahay, David. Sa gayo'y yumaon ang boong Israel sa kanilang mga dampa. **17** Nguni't tungkol sa mga anak ng Israel na tumatahan sa mga ciudad ng Juda, mga pinagharian ni Rehoboam. **18** Ng magkagayo'y sinugo ng haring Rehoboam si Hadoram, na nasa buisan; at binato siya ng mga

bato ng mga anak ng Israel, na ano pa't siya'y namatay. At ang haring Rehoboam ay nagpadaling sumampa sa kaniyang karro, upang tumakas na pasa Jerusalem. **19** Gayon mainghagsik ang Israel laban sa bahay ni David, haugang sa araw na ito.

**20** At ng dumating si Rehoboam sa Jerusalem, kaniyang pinisan ang bahay ng Juda at ng Benjamin na bang daan at walong puong libo na piling mga lalaki, na mga mangbabaka, upang bumaka laban sa Israel, upang ibalik ang kaharian kay Rehoboam. **2** Nguni't ang salita ng PANGINOON ay dumating kay Semaya na lalaki ng Dios, na nagsabing: **3** Salitain mo kay Rehoboam na anak ni Solomon, na hari sa Juda, at sa boong Israel sa Juda at Benjamin, na sinabing: **4** Ganito ang salit ng PANGINOON: Kayo'y huag sumampa, o babaka man laban sa inyong mga kapatid: magbalid ang bawa't lalaki sa kaniyang bahay; sapagka't ang lagay na ito ay sa akin. Sa gayo'y kanilang dininig ang mga salita ng PANGINOON, at nagbalik na mula sa pagyaong laban kay Jeroboam. **5** At si Rehoboam ay tumahan sa Jerusalem, at nagtayo ng mga ciudad upang sangalang sa Juda. **6** Kaniyang itinayo pati ang Bet-lehem, at ang Etam, at ang Tekoa, **7** at ang Bet-zur, at ang Soko, at ang Adullam, **8** at ang Gat, at ang Maresa, at ang Zif, **9** at ang Adairaim, at ang Lakis, at ang Azeka, **10** at ang Zora, at ang Aijalon, at ang Hebron, na nangasa Juda at sa Benjamin, na mga ciudad na nakukutaan. **11** At kaniyang pinagtibay ang mga katibayan, at mga nilayan ng mga kapitan, at koinalig ng pagkain, at ng langis at alak. **12** At sa bawa't ciudad, siya'y naglagay ng mga kalasag at mga sibat, at mga pinatibay niyang mainam. At ang Juda at ang Benjamin ay ukol sa kaniya. **13** At ang mga sacerdote at mga Levita na nasa boong Israel ay napasakop sa kaniya na mula sa kanilang boong hangganan. **14** Sapagka't iniwan ng mga Levita ang kanilang mga pasababan at ang kanilang pag-aari, at naparoon sa Juda at Jerusalem: sapagka't itinakuil sila ni Jeroboam at ng kaniyang mga anak, na hindi nila gagawin ang katungkulang pagkasacerdote sa PANGINOON: **15** at siya'y naghalal sa kaniya ng mga sacerdote para sa mga mataas na lugar, at para sa mga kambing na lalaki, at para sa mga guya na kaniyang ginawa. **16** At pagkatapos nila, yaong sa lahat ng angkan

nḡ Israel na naglagak nḡ kanilang puso na hanapin ang PANGINOON, ang Dios nḡ Israel, ay napaaroon sa Jerusalem upang maghayin sa PANGINOON, sa Dios nḡ kanilang mga magulang. **17** Sa gayo'y kaniyang pinagtibay ang kaharian nḡ Juda, at pinalakas si Rehoboam na anak ni Solomon na tatlong taon: sapagka't sila'y lumakad na tatlong taon sa lakad ni David at ni Solomon. **18** At kinuhang asawa ni Rehoboam si Maalat na anak ni Jerimot na anak ni David, at si Abihail na anak ni Eliab, na anak ni Jesse; **19** at siya'y nagkaanak sa kaniya nḡ mga lalaki; si Jeus, at si Semarias at si Zaham. **20** At pagkatapos sa kaniya ay nag-asawa siya kay Maaka na anak ni Absalom; at ipinanganak nito sa kaniya si Abijas, at si Atai, at si Ziza, at si Selomit. **21** At minahal ni Rehoboam si Maaka na anak ni Absalom nḡ higit kay sa lahat nḡ kaniyang mga asawa at sa kaniyang mga babaye: (sapagka't siya'y nag-asawa nḡ labing-walo, at anim na puong babaye, at nagkaanak nḡ dalawang puo't walong lalaki, at anim na puong babaye.) **22** At inihalal ni Rehoboam si Abijas na anak ni Maaka na magiging puno, sa makatuid baga'y pangulo sa kaniyang mga kapatid: sapagka't kaniyang inisip na gawin siyang hari. **23** At siya'y gumawang may karunungan, at kaniyang pinangalat ang lahat niyang mga anak na nalabi, sa lahat nḡ lupain nḡ Juda at Benjamin, hangang sa baw'a't ciudad na nakukutaan: at bingyan niya sila nḡ pagkaing sagana. At inihanap niya sila nḡ maraming asawa.

**12** At nangyari, nḡ matatag ang kaharian ni Rehoboam, at siya'y matibay, na kaniyang iniwan ang kautusan nḡ PANGINOON, at ang boong Israel ay kasama niya. **2** At nangyari nḡ ikalimang taon nḡ haring Rehoboam, na si Sisak na hari sa Egipto ay sumampa laban sa Jerusalem, sapagka't sila'y sumalangsang laban sa PANGINOON, **3** na may isang libo at dalawang daang karro, at anim na puong libong mangangabayo; at ang bayan ay walang bilang na naparoon kasama niya mula sa Egipto; ang mga Lubim, ang mga Sukim, at ang mga Etiopia. **4** At sinakop niya ang mga ciudad na nakukutaan na nauukol sa Juda, at napaaroon sa Jerusalem. **5** Si Semaya nga na profeta ay napaaroon kay Rehoboam at sa mga pangulo sa Juda na nagpipisan sa Jerusalem dahil kay Sisak, at nagsabi sa kaniyang: Ganito ang sabi nḡ PANGINOON:

Inyo akong iniwan, kaya't iniwan, ko naman kayo sa kamay ni Sisak. **6** Nḡ magkagayo'y ang mga pangulo sa Israel at ang hari ay nagpakababa; at kanilang sinabing: Ang PANGINOON ay banal. **7** At nḡ makita nḡ PANGINOON na sila'y nagpakumbaba, ang salita nḡ PANGINOON ay dumating kay Semaya, na nagsabing: Sila'y nagpakumbaba; hindi ko gigibain sila: kungdi aking patatawarin ang iba sa kanila, at ang aking galit ay hindi mabubuhos sa Jerusalem sa pamamag-itan nḡ kamay ni Sisak. **8** Gayon ma'y sila'y magiging kaniyang alipin; upang kanilang makilala ang paglilingkod sa akin at ang paglilingkod sa mga kaharian sa mga lupain. **9** Sa gayo'y sumampa si Sisak na hari sa Egipto laban sa Jerusalem, at dinala ang mga kayamanan nḡ bahay nḡ PANGINOON, at mga kayamanan nḡ bahay nḡ hari; kaniyang kinuhang lahat: kaniyang kinuha naman ang mga kalasag na ginto na ginawa ni Solomon. **10** At ang haring Rehoboam ay gumawa nḡ mga kalasag na tanso sa lugar nḡ mga yaon, at mga ipinagkatiwala sa mga kamay nḡ mga kapitang nḡ bantay, na nag-iingat nḡ pintuan nḡ bahay nḡ hari. **11** At nangyari, na kung gaanong kadalasan nanasok ang hari sa bahay nḡ PANGINOON, ang bantay ay napaaroon at mga dinadala, at pagkatapos mga ibinabalik sa silid nḡ bantay. **12** At nḡ siya'y magpakumbaba, ang galit nḡ PANGINOON ay humiwalay sa kaniya, na ano pa't siya'y hindi lubos na giniba: at bukod dito'y may nasumpungan sa Juda na mga mabuting bagay. **13** Sa gayo'y ang haring Rehoboam ay nagpakalakas sa Jerusalem at naghari: sapagka't si Rehoboam ay apat na puo't isang taon nḡ siya'y magpasimulang maghari, at siya'y nagharing labing pitong taon sa Jerusalem, ang ciudad na pinili nḡ PANGINOON sa lahat na mga angkan nḡ Israel, upang ilagay ang kaniyang pangalan doon: at ang pangalan nḡ kaniyang ina ay Naama na Ammonita. **14** At kaniyang ginawa ang masama, sapagka't hindi niya inilagag ang kaniyang puso na hanapin ang PANGINOON. **15** Ang mga gawu nga ni Rehoboam, una at huli, di ba mga nasusulat sa buhay ni Semaya na profeta at ni Iddo na tagapagkita, ayon sa paraan nḡ mga talaan nḡ lahi? At may mga pagbabaka si Rehoboam at si Jeroboam na palagi. **16** At si Rehoboam ay natulog na kasama nḡ kaniyang mga magulang, at

nalibing sa ciudad ni David; at si Abijas na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**13** Ng ikalabing walong taon ng haring Jeroboam ay nagpasimula si Abijas na maghari sa Juda. **2** Tatlong taong naghari sa Jerusalem siya: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Mikaya na anak ni Uriel na taga Gibea. At nagkaroon ng pagbabaka si Abijas at si Jeroboam. **3** At si Abijas ay sumagupa ng pakikipagbaka na may isang kawal na matatapanang na lalaking pangbaka, na apat na raang libo, na mga piling lalaki: at humamay si Jeroboam ng pagbabaka laban sa kaniya na may walong daang libo, na piling mga lalaki, na mga makapangyarihang lalaking may tapang. **4** At si Abijas ay tumayo sa bundok ng Zemaraim, na basa lupaing maburot ng Efraim, at nagsabing: Dingin niyo ake, Oh Jeroboam at boong Israel; **5** hindi ka niyo nalaman na ibinigay ng PANGINOON, ng Dios ng Israel ang kaharian sa Israel kay David magpakailan man, sa kaniya at sa kaniyang mga anak, sa pamamagitan ng tipan na asin? **6** Gayon may si Jeroboam na anak ni Nebat, na lingkod ni Solomon na anak ni David, nagbangon, at nanghimagsik laban sa kaniyang panginoon. **7** At napsan sa kaniya ay mga walang kabuluhang lalaki, na mga anak ni Bethel, na nangagpakatibay laban kay Rehoboam na anak ni Solomon, ng si Rehoboam ay bata at malambot na puso, at hindi makaharap sa kanila. **8** At ngayo'y inyong ibaakalang iharap ang kaharian ng PANGINOON sa kamay ng mga anak ni David; at kayo'y nagiging isang malaking karamihan, at mairoon kayong mga gintong guya, na ginawang mga dios sa inyo ni Jeroboam. **9** Hindi ba niyo pinalayas ang mga sacerdote ng PANGINOON, na mga anak ni Aaron, at ang mga Levita, at mga ginawa niyong sacerdote na ayon sa kaugalian ng mga bayan sa mga ibang lupain? na ano pa't sino mang naparoroon upang tumalaga sa pamamagitan ng isang guyang baka at piteng lalaking lupa, yo'y masaring sacerdote sa mga yaon na hindi mga dios. **10** Ngunit tungkol sa amin, ang PANGINOON ang aming Dios, at hindi namia niwan siya; at mairoon kamiing mga sacerdote na namamahala sa PANGINOON, ang mga anak ni Aaron, at ang mga Levita sa kanilang gawa: **11** at sila'y nagsusunog sa PANGINOON tuing umaga at tuing hapon ng mga

handog na susunugin at ng matamis na kamanyan: ang tinapay na handog naman *ibinibigay nila* sa dulang na *dalisay nginto*; at ang kandelerong ginto na may mga ilawan, upang sunugin tuing hapon: sapagka't aming iningatan ang bilin ng PANGINOON aming Dios; ngunit pinabayaan niyo siya. **12** At, narito, ang Dios ay sumasaamin sa aming ulo, at ang kaniyang mga sacerdote ay may mga pakakak na matunog, upang tumunog na maingay laban sa inyo. Oh mga anak ng Israel, huag kayong lumaka laban sa PANGINOON, sa Dios ng inyong mga magulang; sapagka't kayo'y hindi giginhawa. **13** Ngunit pinaligid sa likuran nila ni Jeroboam ang isang kawal na bakay: na ano pa't sila'y nasa harap ng Juda, at ang bakay ay nasa likuran nila. **14** At ng ang Juda ay lumigon, narito, ang pagbabaka'y nasa harap at likuran nila: at sila'y dumang sa PANGINOON, at ang mga sacerdote ay nagpatunog ng mga pakakak. **15** Ng magkugayo'y humiyaw ang mga lalaki ng Juda: at habang humihiyaw ang mga anak ng Juda, nangyari, na sinugatan ng Dios si Jeroboam at ang boong Israel sa harap ni Abijas at ng Juda. **16** At ang mga anak ng Israel ay tumakas sa harap ng Juda: at ibinigay ng Dios sila sa kanilang kamay. **17** At pinatay sila ni Abijas at ng kaniyang lavyan ng malaking pagpatay: sa gayo'y nabual na patay sa Israel ay limang daang libo na piling mga lalaki. **18** Ganito nasakop ang mga anak ng Israel ng panahong yaon, at ang mga anak ng Juda ay nanaig, sapagka't sila'y sumandal sa PANGINOON, sa Dios ng kanilang mga magulang. **19** At hinabol ni Abijas si Jeroboam, at kinuan siya ng mga ciudad, ang Bet-el sampuo ng mga nayon noon, at ang Jesana sampuo ng mga nayon noon, at ang Efron sampuo ng mga nayon noon. **20** At hindi nagsauling lakas si Jeroboam uli sa mga kaarawa ni Abijas: at sinugatan siya ng PANGINOON, at siya'y namatay. **21** Ngunit si Abijas ay naging makapangyarihan, at nag-asawa ng labing apat, at nagkaanak ng dalawang puot dalawang lalaki, at labing anim na babaye. **22** At ang ita sa mga gawa ni Abijas, at ang kaniyang mga lakad, at ang kaniyang mga sabi, ay nakasulat sa kasaysayan ni Iddo na profeta.

**14** Sa gayo'y natulog si Abijas na kasama ng kaniyang mga magulang, at

inililing nila siya sa ciudad ni David, at si Asa na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya: ng kaniyang mga kaarawan ay tahimik ang lupain na sampuung taon. **2** At ginawa ni Asa ang mabuti at matuid sa mga mata ng PANGINOONG kaniyang Dios: **3** sapagka't kaniyang inalis ang mga altar ng iba, at ang mga mataas na lugar, at pinagpirapiraso ang mga haligi, at ibinagsak ang mga Ashera; **4** at iniutos ng Juda na hanapin ang PANGINOON, ang Dios ng kanilang mga magulang, at sundin ang kautusan at ang utos. **5** Kaniya namang inalis sa lahat na ciudad ng Juda ang mga mataas na lugar at ang mga larawang araw: at ang kaharian ay tahimik sa harap niya. **6** At siya'y nagtayo ng mga ciudad na nakukutaan sa Juda: sapagka't ang lupain ay tahimik, at siya'y walang pakikipagbaka ng mga taong yaon; sapagka't binigyan siya ng PANGINOON ng kapahingahan. **7** Sapagka't sinabi niya sa Juda: Itayo natin ang mga ciudad na ito, at gawan sa palibot ng mga kuta, at ng mga moog, ng mga pintuang-daan, at ng mga halang: ang lupain ay nasa harap pa natin, sapagka't ating hinanap ang PANGINOONG ating Dios; ating hinanap siya, at binigyan niya tayo ng kapahingahan sa lahat ng dako. Sa gayo'y kanilang itinayo at guminhawa. **8** At si Asa ay may isang kawal na may dala na mga kalasag at mga sibat, mula sa Juda, na tatlong daang libo; at mula sa Benjamin, na nagdadala ng mga kalasag at nagpapahilagpos ng mga bosog, ay dalawang daan at walong puong libo: lahat ng ito ay makapangyarihang mga lalaki na matapang. **9** At lumabas laban sa kanila si Zera na taga Etiopian na may kawal na libolibo, at tatlong daang karro; at siya'y naparoon sa Maresa. **10** Ng magkagayo'y lumabas si Asa na sumalubong sa kaniya, at sila'y humanay ng pagbabaka sa libis ng Zefata sa Maresa. **11** At si Asa ay dumaging sa PANGINOONG kaniyang Dios, at nagsabing: PANGINOON, walang iba liban sa iyo na makatutulong, sa pag-itan ng makapangyarihan at niya na walang lakas: tulongan mo kami, Oh PANGINOONG aming Dios: sapagka't kami ay umaasa sa iyo, at sa iyong pangalan ay kami naparirito laban sa karamihang ito. Oh PANGINOON ikaw ay aming Dios; huag mong panaigin ang tawo laban sa iyo. **12** Sa gayo'y siudugatan ng PANGINOON ang mga taga Etiopia sa harap ni Asa, at sa harap ng

Juda; at ang mga taga Etiopia ay tumakas. **13** At si Asa at ang bayan na kasama niya ay humabol sa kanila hangang sa Gerar: at nabual sa mga taga Etiopia ang totoong marami, na ano pa't sila'y hindi makabawi, sapagka't sila'y nagiba sa harap ng PANGINOON, at sa harap ng kaniyang hukbo; at sila'y nagdala ng totoong maraming samsam. **14** At kanilang sinugatan ang lahat na ciudad sa palibot ng Gerar; sapagka't ang takot sa PANGINOON ay dumating sa kanila: at kanilang sinamsaman ang lahat na ciudad; sapagka't maraming samsam sa kanila. **15** Kanila namang sinugatan ang mga dampa ng mga bayop, at nagdala ng mga tupa na sagana, at mga kamello, at nagbalik sa Jerusalem.

**15** At ang espiritu ng Dios ay dumating kay Azarias na anak ni Oded: **2** at siya'y lumabas na sinalubong si Asa, at nagsabi sa kaniyang: Dingin ninyo ako, Asa at boong Juda at Benjamin: ang PANGINOON ay sumasa inyo samantalang kayo'y sumasa kaniya; at kung inyong hanapin siya'y, siya'y masumpungan sa inyo; nguni't kung pabayaang ninyo siya, kaniyang pababayaang kayo. **3** Ngayon nga ang Israel ay malaon ng walang Dios na tunay, at walang tagapagturong sacerdote, at walang kautusan: **4** nguni't ng sa kanilang kapanlawan ay sila'y magbalik sa PANGINOON, sa Dios ng Israel, at hinanap nila siya, siya'y nasumpungan nila. **5** At ng mga panahong yaon ay walang kapayapaan sa kaniya na lumabas, o sa kaniya na pumasok, kungdi malaking pagkagulo ang nasa lahat na mga manauhan sa mga lupain. **6** At sila'y nagkapirapiraso, nacion laban sa nacion, at ciudad laban sa ciudad: sapagka't ginulo sila ng Dios ng boong kapighatian. **7** Nguni't magpakalakas kayo, at huag manlata ang inyong mga kamay: sapagka't ang inyong mga gawa ay gagantihin. **8** At ng marinig ni Asa ang mga salitang ito, at ang panghuhula ni Oded na profeta, siya'y lumakas, at inalis ang mga kasuklamsuklam sa boong lupain ni Juda at ni Benjamin, at sa mga ciudad na kaniyang sinakop sa lupaing maburoi ni Efraim; at kaniyang binago ang altar ng PANGINOON, na nasa harap ng malaking pintuan ng PANGINOON. **9** At kaniyang pinisan ang boong Juda at Benjamin, at silang mga nanginngibang bayan na kasama nila mula kay Efraim at Manases, at mula kay Simeon: sapagka't sila'y humilig sa kaniya na

mula sa Israel na sagana, ng kanilang makita na ang PANGINOONG kaniyang Dios ay sumasa kaniya. **10** Sa gayo'y sila'y nagpipisan sa Jerusalem sa ikatlong buan, sa ikalabing limang taon ng paghabari ni Asa. **11** At sila'y naghiayin sa PANGINOON ng araw na yaon, sa samsam na kanilang dinala, na pitong daang baka at pitong libong tupa. **12** At sila'y nasok sa tipan upang humapin ang PANGINOON, ang Dios ng kanilang mga magulang, ng kanilang boong puso, at ng kanilang boong kaluluha; **13** at sino mang hindi humanap ng PANGINOON, ng Dios ng Israel, papatayin, maging maliit o malaki, maging lalaki o babaye. **14** At sila'y sumumpa sa PANGINOON na may malakas na hiyaw, at may mga sutsutan, at may mga pakakak, at may mga patunog. **15** At ang boong Juda ay nagalak sa sumpa: sapagka't sila'y sumumpa ng kanilang boong puso, at hinanap siya ng ba o pilang nasa; at siya'y nasumpungan sa kanila: at binigyan sila ng PANGINOON ng kapahingahan sa palibot. **16** At si Maaka naman na ina ni Asa na hari, ay icalis niya sa pagkareina, sapagka't siya'y gumawa ng nekassuklam na larawan na pinaka Ashera; at pinutol ni Asa ang kaniyang larawan, at giuwang alabok, at sinunog sa batis na Kidron. **17** Ngumit ang mga mataas na lugar ay hindi naalis sa Israel: gayon may ang puso ni Asa ay dalisay sa lahat ng kaniyang kaarawan. **18** At kaniyang ipinasok sa bahay ng Dios ang mga bagay na itinalaga ng kaniyang ama, at yaong kaniyang itinalaga, na pilak, at ginto, at mga sisidlan. **19** At nawalan na ng pagbabaka sa ikatlong puo't lima ng paghabari ni Asa.

**16** Ng ikatlong puo't anim na taon ng paghabari ni Asa, si Baasa na hari sa Israel ay sumampa laban sa Juda, at itinayo ang Rama, upang buag niyang matilis na sino may lumalas o pumaroon kay Asa na hari sa Juda. **2** Ng magkagayo'y kumuha si Asa ng pilak, at ginto sa mga kayamanan ng bahay ng PANGINOON, at sa bahay ng hari, at nagsugo kay Ben-haded, na hari sa Syria, na tumataban sa Damasko, na nagsabing: **3** May pagkakasundo ako at ikaw, na gaya ng aking ama at ng iyong ama: narito, ako'y nagsugo sa iyo ng pilak at ginto; ikaw ay yumaon, sirain mo ang iyong pakikipagkasundo kay Baasa na hari sa Israel, upang siya'y lumayas sa akin. **4** At dininig ni Ben-haded ang

haring Asa, at sinugo niya ang mga kapatid ng kaniyang mga hukbo laban sa mga ciudad ng Israel, at kanilang sinugatan ang Ijon, at ang Dan, at ang Abel-maim, at ang lahat na ciudad na kamaligan ng Naftali. **5** At nangyari, ng marinig ni Baasa, na idwan ang pagtatayo ng Rama, at ipinatigil ang kaniyang gawa. **6** Ng magkagayo'y ipinagsama ni Asa na hari ang boong Juda; at kanilang dinala ang mga lato ng Rama, at ang kahoy noon, na ipinagtayo ni Baasa; at itinayo niya sa pamamag-itan noon ang Geba, at Mizpa. **7** At ng panahong yaon ay napaaroon kay Asa na hari sa Juda si Hanani na tagapagkita, at nagsabi sa kaniyang: Sapagka't ikaw ay sumandal sa hari sa Syria, at hindi ka sumandal sa PANGINOONG iyong Dios, kaya't ang hukbo ng hari sa Syria ay tumakas sa iyong kamay. **8** Hindi ba ang mga taga Etiopia at ang mga Lubim ay makapal na hukbo, na may mga karro at mangangabayo na totoong marami? gayon may sapagka't ikaw ay sumandal sa PANGINOON, mga ibinigay sa iyong kamay. **9** Sapagka't ang mga mata ng PANGINOON ay tumatakbo ng paroo't parito sa boong lupa, upang pakilala na matibay sa ganang mga yaon na ang puso ay dalisay sa kaniya. Ikaw ay gumawang may kamangmanan nitò; sapagka't mula ngayo'y magkakaroon ka ng mga pagbabaka. **10** Ng magkagayo'y nagalit si Asa sa tagapagkita, at inilagay niya siya sa bilangguan; sapagka't siya'y may galit sa kaniya dahil sa bagay na ito. At pinighati ni Asa ang iba sa bayan ng panahon ding yaon. **11** At, narito, ang mga gawa ni Asa una at huli, narito, nangakasalat sa libro ng mga hari sa Juda at Israel. **12** At ng ikatlong puo't siam na taon ng kaniyang paghabari, si Asa ay nagkasakit sa kaniyang mga paa; ang kaniyang sakit ay totoong malubha: gayon may sa kaniyang sakit hindi niya hinanap ang PANGINOON, kungdi ang mga mangagamat. **13** At si Asa ay natulog na kasama ng kaniyang mga magulang, at namatay sa ikaapat na puo't isang taon ng kaniyang paghabari. **14** At inilibig nila siya sa kaniyang sariling mga libingan, na kaniyang ipinahukay para sa kaniya sa ciudad ni David, at inihiga siya sa hibiigan na pinuno ng mga masarap na amoy at sarisaring pabango na inihanda ng mangagawa ng mga pabango; at sila'y gumawa ng isang malaking pagsunog para sa kaniya.

**17** At si Jehosafat na kaniyang anak ay naghari, na kahalili niya, at nagpakalakas laban sa Israel. **2** At siya'y naglagay ng mga katibayan sa lahat ng ciudad na nakukutaan sa Juda, at naglagay ng mga pulutong sa lupain ng Juda, at sa mga ciudad ng Efraim, na sinakop ni Asa na kaniyang ama. **3** At ang PANGINOON ay sumasa kay Jehosafat, sapagka't siya'y lumakad ng mga unang lakad ng kaniyang magulang na si David, at hindi hinanap ang mga Baal; **4** kungdi hinanap ang Dios ng kaniyang ama, at lumakad sa kaniyang mga utos, at hindi ayon sa mga gawa ng Israel. **5** Kaya't itinatag ng PANGINOON ang kaharian sa kaniyang kamay; at ang boong Juda ay nagdala kay Jehosafat ng mga kaloob; at siya'y nagkaroon ng mga kayamanan at dangal na sagana. **6** At ang kaniyang puso ay nataas sa mga daan ng PANGINOON: at bukod dito'y inalis niya ang mga mataas na lugar at ang mga Ashera sa Juda. **7** Ng ikatlong taon naman ng kaniyang pagbahari ay kaniyang sinugo ang kaniyang mga pangulo, si Ben-hail, at si Obadiah, at si Zekarias, at si Neta-nel, at si Mikaya, upang magturo sa mga ciudad ng Juda; **8** at kasama nila ang mga Levita, na si Semaya, at si Netanias, at si Zebadiah, at si Asael, at si Semiramot, at si Jehonatan, at si Adonijas, at si Tobijas, at si Tob-adonijas, na mga Levita; at kasama nila si Elisama, at si Jehoram na mga sacerdote. **9** At sila'y nagturo sa Juda, sa paraang nasa kanila ang libro ng kautusan ng PANGINOON; at sila'y yumaon sa palibot ng lahat na ciudad ng Juda, at nagturo sa gitna ng bayan. **10** At ang takot sa PANGINOON ay nahulog sa lahat ng kaharian ng mga lupain na nasa palibot ng Juda, na ano pa't sila'y hindi gumawa ng pagbabaka laban kay Jehosafat. **11** At ang ilan sa mga Filisteo ay nagdala ng mga kaloob kay Jehosafat, at pilak na pinakabusy; ang mga taga Arabia naman ay nagdala sa kaniya ng mga kawan, na pitong libo at pitong daang lalaking tupa, at pitong libo at pitong daang kambing na lalaki. **12** At si Jehosafat ay lumalaki na mainam; at siya'y nagtayo sa Juda ng mga palacio at mga ciudad na kamaligan. **13** At siya'y may maraming mga gagawin sa mga ciudad ng Juda; at mga lalaking pangbaka, na mga makapangyarihang lalaking may tapang, sa Jerusalem. **14** At ito ang bilang nila ayon sa mga bahay ng kani-

yang mga magulang: sa Juda, ang mga kapitan ng lilibohin; si Adna na kapitan, at ang kasama niya na mga makapangyarihang lalaking matapang ay tatlong daang libo: **15** at sumusunod sa kaniya ay si Jehohanan na kapitan, at kasama niya'y dalawang daan at walong puong libo: **16** at sumusunod sa kaniya ay si Amasias na anak ni Zikri, na humandog na kusa sa PANGINOON; at kasama niya ay dalawang daang libo na makapangyarihang lalaking matapang: **17** at sa Benjamin; si Eliada na makapangyarihang lalaking matapang, at kasama niya ay dalawang daang libong may sakbat na bosog at kalasag: **18** at sumusunod sa kaniya ay si Jehozabad, at kasama niya ay isang daan at walong puong libo na handa sa pakikipagbaka. **19** Ang mga ito ang naglingkod sa hari bukod doon sa mga inilagay ng hari sa mga ciudad na nakukutaan sa boong Juda.

**18** Si Jehosafat nga ay nagkaroon ng kayamanan, at dangal na sagana; at siya'y naki paglakip kay Ahab. **2** At pagkatapos ng ilang taon, kaniyang binaba si Ahab sa Samaria. At si Ahab ay nagpatay ng mga tupa at baka para sa kaniya na sagana, at para sa bayan na kasama niya; at inupatan siya na sumampa na kasama niya sa Ramot-gilead. **3** At si Ahab na hari sa Israel ay nagsabi kay Jehosafat na hari sa Juda: ¿ Sasama ka ba sa akin sa Ramot-gilead? At sinagot niya siya: Ako'y gaya mo, at ang aking bayan ay gaya ng iyong bayan; at kami ay sasaiyo sa pagbabaka. **4** At sinabi ni Jehosafat sa hari sa Israel: Mag-usisa ka, isinasamo ko sa iyo, sa salita ng PANGINOON ngayon. **5** Ng magkagayo'y pinisan ng hari sa Israel ang mga profeta, na apat na raang lalaki, at nagsabi sa kaniyang: ¿ Paroroon ba tayo sa Ramot-gilead upang bumaka, o uurong ako? At ninabi nilang: Sumampa ka; sapagka't ibibigay ng Dios sa kamay ng hari. **6** Ngunit sinabi ni Jehosafat: ¿ Wala ba ritong ibang profeta ng PANGINOON, upang tayo'y makapag-usisa sa kaniya? **7** At sinabi ng hari sa Israel kay Jehosafat: May isa pang lalaki na mapag-uusisaan natin sa PANGINOON: ngunit kinapopootan ko siya: sapagka't kailan man hindi siya nanghuhula ng mabuti tungkol sa akin, kungdi laging kasam-an: si Mikaya nga na anak ni Imia. At sinabi ni Jehosafat: Huag sabihing gayon ng hari. **8** Ng magkagayo'y tumawag ang hari sa Israel

ng isang puno, at nagsabing: Dalhin mo nitong madali si Mikaya na anak ni Imla. **9** Ang hari nga sa Israel at si Jehosafat na hari sa Juda, ay umupo baw't isa sa kaniyang luklukan na nakapanamit hari, at sila'y naupo sa isang hayag na lugar sa pasukan ng pintuang-daan ng Samaria; at ang lahat na profeta ay nanghula sa harap nila. **10** At si Zedekias na anak ni Kenaana ay gumawa ng mga sungay na bakal, at nagsabing: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Sa pamamag-itan ng mga ito ay iyong itutulak ang mga taga Syria, hangang sa mgalipol. **11** At lahat na profeta ay nanghulang gayon, na nagsabing: Sumampa ka sa Ramot-gilead, at guminhawa ka: sapagka't ibibigay ng PANGINOON sa kamay ng hari. **12** At ang sugo na yumaong tunawag kay Mikaya ay nagsalita sa kaniya, na nagsabing: Narito, ang mga salita ng mga profeta ay nagsaysay ng mabuti sa hari na magkakaisa: isinasamo ko nga sa iyo na ang iyong salita ay maging gaya ng isa sa kanila, at magsalita ka ng mabuti. **13** At sinabi ni Mikaya: Buhay ang PANGINOON: Kung ano ang sabihin ng aking Dios, yaon ang aking sasalitain. **14** At ng siya'y dumating sa hari, sinabi ng hari sa kaniyang: ¿Mikaya, yayaon ba kami sa Ramot-gilead upang bumaka, o uurong ako? At sinabi niyang: Kayo'y yumaon at gumihawa; at sila'y mabibigay sa iyong kamay. **15** At sinabi ng hari sa kaniyang: ¿Makailang nanunumpa ako sa iyo na ikaw ay luag magsalita ng ano man sa akin kungdi katotohanan sa pangalan ng PANGINOON? **16** At kaniyang sinabing: Aking nakita ang boong Israel na nangangalat sa mga bundok, na parang mga tupa na walang pastor: at sinabi ng PANGINOON: Ang mga ito'y walang panginoon; umuwi ang baw't lalaki sa kaniyang babay na payapa. **17** At sinabi ng hari sa Israel kay Jehosafat: ¿Di ba isinaysay ko sa iyo na siya'y hindi manghuhula ng mabuti tungkol sa akin, kungdi kasam-an? **18** At kaniyang sinabing: Kaya't dingin ninyo ang salita ng PANGINOON: Aking nakita ang PANGINOON na naupo sa kaniyang luklukan, at ang boong bukle ng langit na nakatayo sa kaniyang kanan at sa kaniyang kaliwa. **19** At isaabing PANGINOON: ¿Sibong dadaya kay Ahab na hari sa Israel, upang siya'y sumampa at mabulal sa Ramot-gilead? At ang iba'y nagsalita na nansabi ng ayon sa ganitong paraan, at ang iba'y nagsabi ayon sa paraang yaon.

**20** At lumabas ang isang espiritu, at tumayo sa harap ng PANGINOON, at nagsabing: Aking dadayain siya. At sinabi ng PANGINOON sa kaniyang: ¿Sa ano? **21** At kaniyang sinabing: Ako'y lababas, at ako'y magiging magdarayang espiritu sa bibig ng lahat niyang mga profeta. At kaniyang sinabing: Iyong upatan siya, at mananaig ka rin: lumabas ka, at gawin mong gayon. **22** Ngayon nga, narito, inilagay ng PANGINOON ang magdarayang espiritu sa bibig ng iyong mga pre'tang ito; at ang PANGINOON ay nagsalita ng kasam-an tungkol sa iyo. **23** Ng magkagayo'y lumapit si Zedekias na anak ni Kenaana, at sinugatan si Mikaya sa pisngi, at nagsabing: ¿Saan nagdaan ang espiritu ng PANGINOON na mula sa akin upang magalita sa iyo? **24** At sinabi ni Mikaya: Narito, iyong makikita sa araw na yaon, pagka ikaw ay papasok sa pinakuloob na sild upang magkubli. **25** At sinabi ng hari sa Israel: Kunin ninyo si Mikaya, at ibalik siya kay Amnon na gubernador sa ciudad, at kay Joas na anak ng hari; **26** at inyong sabihing: Ganito ang sabi ng hari: Ilagay ang katotong ito sa bilangguan, at pakanin siya ng tinapay ng kapighatian, at ng tubig ng kapighatian hangan sa ako'y magbalik na payapa. **27** At sinabi ni Mikaya: Kung ikaw ay magbalik sa ano mang paraan na payapa, ang PANGINOON ay hindi nagsalita sa pamamag-itan ko. At kaniyang sinabing: Dingin ninyo, ninyong mga bayan, ninyong lahat.

**28** Sa gayo'y ang hari sa Israel at si Jehosafat na hari sa Juda ay sumumpa sa Ramot-gilead. **29** At sinabi ng hari sa Israel kay Jehosafat: Ako'y magpapakunuarang iba, at paroroon sa pagbabaka; ngunit ikaw ay magsuot ng iyong mga balabal. Sa gayo'y ang hari sa Israel ay nagpakunuarang iba; at sila'y naparoon sa pagbabaka. **30** Ang hari nga sa Syria ay nag-utos sa mga kapitan ng kaniyang mga karro, na nagsabing: Iluag kayong bumaka kabi't o sa maliit o sa malaki man, litan lamang sa hari sa Israel. **31** At nangvari, ng makita ng mga kapitan ng mga karro si Jehosafat, na kanilang sinabing: Siyang hari sa Israel. Kaya't sila'y lumigid upang bumaka laban sa kaniya; ngunit si Jehosafat ay humiyaw, at tinulungan siya ng PANGINOON; at kinilos sila ng Dios na humawalay sa kaniya. **32** At nangvari, ng makita ng mga kapitan ng mga karro na hindi siyang



hari sa Israel, na sila'y humiwalay ng paghabol sa kaniya. **33** At inihilagpos ng isang lalaki ang kaniyang pana sa isang pananakali, at sinugatan ang hari sa Israel, sa pag-itan ng mga pagkakasugpong ng sakbat: kaya't sinabi niya sa nagpapatako ng karro: Ipihit mo ang iyong kamay, at ibiwalay mo ako sa hukbo; sapagka't ako'y nasugatan ng mabigat. **34** At ang pagbabaka ay lumala ng araw na yaon: gayon ma'y ang hari sa Israel ay tumibay sa kaniyang karro laban sa mga taga Syria hangang sa kinahapunan: at sa may paglubog ng araw ay namatay siya.

**19** At si Jehosafat na hari sa Juda ay nagbalik sa kaniyang bahay na payapa sa Jerusalem. **2** At si Jehu na anak ni Hanani na tagapagkita ay lumabas na sinalubong siya, at nagsabi sa haring Jehosafat: *¿* Tutulungan mo ba ang mga masama, at mamahalin saong mga napopoot sa PANGINOON? dahil sa bagay na ito ay pag-aalab ng loob ang sasa-iyong mula sa harap ng PANGINOON. **3** Gayon ma'y may mabuting mga bagay na natsumpungan sa iyo, sa iyong pag-aalis ng mga Ashera sa lupain, at inilagak ang iyong puso upang hanapin ang Dios.

**4** At si Jehosafat ay tumahan sa Jerusalem: at siya'y lumabas uli sa gitna ng bayan na mula sa Beer-seba hangang sa lupaing maburod ni Efraim, at mga ibinalik sa PANGINOON, sa Dios ng kanilang mga magulang. **5** At siya'y naglagay ng mga hukom sa lupain sa lahat na ciudad na nakukutaan ng Juda, sa ciudad at ciudad, **6** at sinabi sa mga hukom: Bulayin ninyo kung ano ang inyong ginawa: sapagka't hindi kayo lumahatol para sa tawo, kungdi para sa PANGINOON; at siya'y sumasainyo sa kahalutalan. **7** Ngayon nga'y sumainyo ang takot sa PANGINOON; kayo'y mag-ingat at inyong gawin: sapagka't walang kasaman sa PANGINOONG ating Dios, o magpitan man sa mga tawo, o tumanggap man ng mga ka-loob. **8** Bukod dito'y naglagay si Jehosafat sa Jerusalem ng ilan sa mga Levita, at sa mga sacerdote, at sa mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang sa Israel, para sa kahalutalan ng PANGINOON, at para sa mga usap. At sila'y nagbalik sa Jerusalem. **9** At kaniyang bilinanan sila, na nagsabing: Ganito ang inyong gagawin sa pagkatakot sa PANGINOON, na may pagtatapat, at may dalisay na puso. **10** At ano mang usap ang dumating sa iyo na

mula sa inyong mga kapatid na tumatahan sa kanilang mga ciudad, na dugo't dugo, kautusan at utos, mga palatutunan at mga kahalutalan, inyong mga pagpapannahan, upang sila'y huag maging salarin sa PANGINOON, at sa gayo'y ang pag-aalab ng loob ay dumating sa iyo, at sa inyong mga kapatid: ito'y inyong gawin, at kayo'y hindi magiging salarin. **11** At, narito, si Amarias na punong sacerdote ay nasa iyo sa lahat ng bagay ng PANGINOON; at si Zebadias na anak ni Ismael, na puno sa bahay ng Juda, sa lahat ng bagay ng hari; ang mga Levita namau ay magiging mga oficial sa harap ninyo. Gawin ninyong may katapangan, at ang PANGINOON ay sumanga mabuti.

**20** At nangyari, pagkatapos nito, na ang mga anak ng Moab, at ang mga anak ni Ammon, at sa kasamahan nila'y ang iba sa mga Ammonita, naparoon laban kay Jehosafat upang bumaka. **2** Ng magkagayo'y naparoon ang iba na nagsaysay kay Jehosafat, na nagsabing: Lumalabas ang isang malaking karamihan laban sa iyo na mula sa dako roon ng dagat na mula sa Syria; at, narito, sila'y nasa Hazazon-tamar (na siyang Engedi). **3** At si Jehosafat ay natakot, at tumalagang hanapin ang PANGINOON; at siya'y nagtanyag ng ayuno sa boong Juda. **4** At ang Juda'y nagpipisan, upang hanapin ang tulog ng PANGINOON: mula sa lahat na ciudad ng Juda ay nagsiparoon upang hanapin ang PANGINOON. **5** At si Jehosafat ay tumayo sa kapulungan ni Juda at Jerusalem, sa bahay ng PANGINOON, sa harap ng bagong looban; **6** at kaniyang sinabing: Oh PANGINOON na Dios ng aming mga magulang, *¿* di ba ikaw ay Dios sa langit? *¿* at di ba ikaw ay puno sa lahat na kaharian sa mga nasyon? at sa iyong kamay dumodoon ang kapangyarihan at katibayan, na ano pa't walang makahaharap sa iyo. **7** *¿* Di mo ba pinalayas, Oh aming Dios ang mga mananahan sa lupaing ito sa harap ng iyong bayang Israel, at iyong ibinigay sa binli ni Abraham na iyong kaibigan magpakailan man? **8** At tumahan sila doon at ipinagtayo ka ng santuario doon para sa iyong pangalan, na sinabing: **9** Kung ang kasaman ay dumating sa amin, ang tabak ng kahalutalan, o salot, o kagutom, kami ay tatayo sa harap ng labay na ito, at sa harap mo, (sapagka't ang iyong pangalan ay nasa bahay na ito,) at kami ay dadaan sa iyo sa aming pagka-

paghati, at kami iyong didingin at ililigtas. **10** At ngayon, narito, ang mga anak ni Ammon at ni Moab, at ang sa bundok ng Seir (na hindi mo pinapasukan sa Israel, ng sila'y lumabas sa lupain ng Egipto, kungdi kanilang nilikuan sila, at hindi mga gimiba.) **11** Narito, kung paanong gumaganti sa amin, na pumarito na palayasin kami sa iyong pag-aari, na iyong ibinigay sa amin upang manahin. **12** Oh aming Dios, hindi mo ba habatulan sila? sapagka't wala kaming kapangyarihan laban sa malaking pulutong na ito na naparirito laban sa amin; at hindi rin nalalaman namin kung anong marapat gawin: ngunit ang aming mga nata ay nasa iyo. **13** At ang heong Juda ay tumayo sa harap ng PANGINOON, sampuo ng kanilang mga bata, ng kanilang mga asawa, at ng kanilang mga anak. **14** Ng magkagayo'y dumating kay Jahaziel na anak ni Zekarias, na anak ni Beraya, na anak ni Jeiel, na anak ni Matanias na Levita, sa mga anak ni Asaf, ang espiritu ng PANGINOON sa gitna ng kupulungan; **15** at kaniyang sinabing: Dingin ninyo, heong Juda, at ninyong mga mananahan sa Jerusalem, at ikaw na haring Jehosafat: ganito ang sabi ng PANGINOON sa iyo: Huag kayong matakot, o manglupaypay man dahil sa malaking karamihan ito; sapagka't ang pagbabaka ay hindi inyo, kungdi sa Dios. **16** Bukas ay bumaba kayo laban sa kanila: narito, sila'y sumampas sa sampahan ng Ziz; at inyong nasumpungan sila sa katapusan ng libis, sa harap ng ilang ng Jeruel. **17** Kayo'y hindi magkakailangan na bumaka sa pagbabakang ito: magsilagay kayo, tumayo kayong panatag, at tingnan ninyo ang kaligtasan sa PANGINOON na kasama ninyo, Oh Juda at Jerusalem: huag kayong matakot, o manglupaypay man: bukas ay lumabas kayo laban sa kanila; sapagka't ang PANGINOON ay sumasa inyo. **18** At itinungo ni Jehosafat ang kaniyang ulo sa lupa: at ang heong Juda at ang mga mananahan sa Jerusalem ay nagpatirapa sa harap ng PANGINOON, na sumamba sa PANGINOON. **19** At ang mga Levita, sa mga anak ng mga Koatita at sa mga anak ng mga Korita, tumayo upang purihin ang PANGINOON, ang Dios ng Israel, ng totoong malakas na voces. **20** At sila'y nagbangong maaga sa kinaunmagahan, at lumabas sa ilang ng Tekoa: at habang sila'y humalabas, si Jehosafat ay tumayo, at nagsabing: Dingin ninyo ako, Oh Juda.

at ninyong mga mananahan sa Jerusalem: sumampalataya kayo sa PANGINOON: inyong Dios, sa gayo'y maatatag kayo; sumampalataya kayo sa kaniyang mga profeta, sa gayo'y giginhawa kayo. **21** At ng siya'y makukuhang payo sa bayan, kaniyang mga inihalang ang awit sa PANGINOON, at pupuri ng ganda ng kasantosan, habang humalabas silang una sa kawal, at nagsaling: Magpasalamat kayo sa PANGINOON; sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man. **22** At ng sila'y magpasimulang umawit at pupuri, ang PANGINOON ay naglagay ng mga bakay laban sa mga anak ni Ammon, ng Moab, at ng sa bundok ng Seir, na napanon laban sa Juda: at sila'y nasugatan. **23** Sapagka't ang mga anak ni Ammon at ng Moab ay tumayo laban sa mga mananahan sa bundok ng Seir, na lubos na magsipatay at gibain sila: at ng sila'y makatapos sa mga mananahan sa bundok ng Seir, baw't isa'y tumulong na gumiba sa iba. **24** At ng ang Juda ay dumating sa tanurang moog sa ilang, sila'y tumingin sa karamihan; at, narito, mga bangkay na bual sa lupa, at walang nakataanan. **25** At ng si Jehosafat at ang kaniyang bayan ay pumaroon upang kunin ang samsam sa kanila, kanilang nasumpungan sa kanila na sagana ay mga kayamanan at mga bangkay, at mga mahalagang biyas na kanilang mga sinamsam para sa kanilang sarili, na higit kay sa kanilang dinala: at sila'y dumoong tatlong araw, sa pagkuha ng samsam, na totoong marami. **26** At sa ikaapat na araw, sila'y nagpipisan sa libis ng Beraka; sapagka't doo'y kanilang pinuri ang PANGINOON: kaya't ang pangalan ng lugar na yaon ay tinawag na Libis ng Beraka hangang sa araw na ito. **27** Ng magkagayo'y nagbalik sila, baw't lalaki sa Juda at sa Jerusalem, at si Jehosafat ay sa unahan nila, upang bumalik sa Jerusalem na may kagalakan; sapagka't sila'y pinagalak ng PANGINOON sa kanilang mga kaaway. **28** At sila'y napanon sa Jerusalem na may mga salterio at mga alpa, at mga pakakak sa bahay ng PANGINOON. **29** At ang takot sa Dios ay nasa lahat na kaharian ng mga lupain, ng kanilang marinig na ang PANGINOON ay bumaka laban sa mga kaaway ng Israel. **30** Sa gayo'y ang kaharian ni Jehosafat ay tahimik: sapagka't binigyan siya ng kaniyang Dios ng kapahingahan sa palibot. **31** At si Jehosafat ay naghari sa Juda

siya'y may tatlong puot' limang taong gulang ng siya'y magpasimulang maghari: at siya'y nagharing dalawang puot' limang taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Azuba na anak ni Silhi. **32** At siya'y lumakad ng lakad ni Asa na kaniyang ama, at hindi siya lumiko, na gumawa ng matuid sa mga mata ng PANGINOON. **33** Gayon ma'y ang mga mataas na lugar ay hindi naalis; at hindi pa inilalagak ng bayan ang kaniyang puso sa Dios ng kaniyang mga magulang. **34** Ang abi nga sa mga gawa ni Jehosafat na una at huli, narito, nangakusulat sa buhay ni Jehu na anak ni Hanani, na nasulat sa libro ng mga hari sa Israel.

**35** At pagkatapos nito ay pumisan si Jehosafat na hari sa Juda kay Ahazias na hari sa Israel; siya ring gumawa ng totoong masama: **36** at siya'y nakipagpisan sa kaniya upang gumawa ng mga sasakyan na paroroon sa Tarsis: at kaniyang ginawa ang mga sasakyan sa Eziongeber. **37** Ng magkagayo'y si Eliezer na anak ni Dedavahu sa Maresa ay nanghula laban kay Jehosafat, na nagsabing: Sapagka't ikaw ay nakipagpisan kay Ahazias, giniba ng PANGINOON ang iyong mga gawa. At ang mga sasakyan ay nabasag, na ano pa't sila'y hindi na makaparoon sa Tarsis.

**21** At si Jehosapat ay natulog na kasama ng kaniyang mga magulang, at nalibing na kasama ng kaniyang mga magulang sa ciudad ni David: at si Jehoram na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya. **2** At siya'y nagkaroon ng mga kapatid na mga anak ni Jehosafat, Azarias, at Jehiel, at Zekarias, at Azarias, at Micael, at Sefatias: lahat ng ito ay mga anak ni Jehosafat na hari sa Israel. **3** At binigyan sila ng kanilang ama ng malaking mga kaloob, na pilak, at ginto, at mga mahalagang bagay, mga ciudad naman na nakukutaan sa Juda: nguni't ang kaharian ay ibinigay niya kay Jehoram, sapagka't siya ang panganayan. **4** Ng si Jehoram nga ay magbangon sa kaharian ng kaniyang ama, at lumakas, kaniyang pinatay ang lahat niyang mga kapatid ng tabak, at gayon din ang iba sa mga pangulo sa Israel. **5** Si Jehoram ay tatlong puot' dalawang taon ng siya'y magpasimulang maghari: at siya'y nagharing walong taon sa Jerusalem. **6** At siya'y lumakad ng lakad ng mga hari sa Israel, gaya ng ginawa ng bahay ni Ahab: sapag-

ka't siya'y nag-asawa sa anak ni Ahab: at kaniyang ginawa ang kasam-an sa paringin ng PANGINOON. **7** Gayon ma'y hindi giniba ng PANGINOON ang bahay ni David, dahil sa tipan na kaniyang ginawa kay David, at sa paraang siya'y nangako na bigyan siya ng ilawan at ang kaniyang mga anak magpakailan man. **8** Sa kaniyang mga kaarawan ay nanghimagsik ang Edom na mula sa kamay ng Juda, at naghalal ng hari sa kanilang sarili. **9** Ng magkagayo'y nagdaan si Jehoram na kasama ang kaniyang mga kapitan, at dala ang lahat niyang mga karro: at siya'y nagbangon ng kinagabihan at sinugatan ang mga Edomeo na kumulong sa kaniya, at sa mga kapitan sa mga karro. **10** Sa gayo'y nanghimagsik ang Edom na mula sa kamay ng Juda, hangang sa araw na ito: ng magkagayo'y nanghimagsik ang Libna ng panahong ding yaon na mula sa kaniyang kamay: sapagka't kaniyang pinabayaan ang PANGINOON, ang Dios ng kaniyang mga magulang. **11** Bukod dito'y kaniyang ginawa ang mga mataas na lugar sa mga bundok ng Juda, at pinapang-apid ang mga mananahan sa Jerusalem, at iniligaw ang Juda. **12** At dumating ang isang sulat sa kaniya na mula kay Elias na profeta, na sinabing: Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ni David na iyong ama: Sapagka't hindi ka lumakad ng mga lakad ni Jehosapat na iyong ama o ng mga lakad man ni Asa na hari sa Juda; **13** kungdi ikaw ay lumakad ng mga lakad ng mga hari sa Israel, at iyong pinapang-apid ang Juda at ang mga mananahan sa Jerusalem, gaya ng ginawa ng bahay ni Ahab; at iyo namang pinatay ang iyong mga kapatid sa bahay ng iyong ama, na magaling kay sa iyo: **14** narito, ang PANGINOON ay susugat ng malaking salot sa iyong bayan, at sa iyong mga anak, at sa iyong mga asawa, at sa lahat ng iyong pag-aari: **15** at ikaw ay magkakaroon ng mabigat na sakit, na sakit ng iyong tiyan, hangang sa lumabas ang loob ng iyong tiyan dahil sa sakit araw-araw. **16** At inudyukan ng PANGINOON laban kay Jehoram ang espiritu ng mga Filisteo, at ng mga taga Arabia na nasa siping ng mga taga Etiopia: **17** At sila'y sumampa laban sa Juda, at nagpumilit doon, at dinala ang lahat na pag-aari na nasumpungan sa bahay ng hari, at pati ang mga anak niya, at ang mga asawa niya; na ano pa't walang naiwang anak sa kaniya, liban si Jehoahaz na bunso sa kaniyang

mga anak. **16** At pagkatapos ng lahat na ito ay sinugatan siya ng PANGINOON sa kaniyang tiyan ng walang kagamutang sakit. **19** At nangyari, sa pagdaraan ng panahon sa katapusan ng dalawang taon, na ang bob ng kaniyang tiyan ay lumabas dahil sa kaniyang sakit, at siya'y namatay sa mabigat na sakit. At ang kaniyang bayan ay hindi gumawa ng pagsunog para sa kaniya, na gaya ng pagsunog para sa kaniyang mga magulang. **20** May tatlong puot dalawang taon siya ng siya'y magpasimulang maghari, at siya'y naghari sa Jerusalem na walong taon: at siya'y yumaon na walang nagnasang *panigil*; at inilibing nila siya sa ciudad ni David, nguni't hindi sa mga libingan ng mga hari.

**22** At ginawang hari ng mga mananalan sa Jerusalem si Ahazias na kaniyang bunsong anak na kabalili niya: sapagka't pinatay ang mga pinakamatanda ng pulutong na lalaki na naparoon na kasama ng mga taga Arabia sa kamento. Sa gayo'y si Ahazias na anak ni Jehoram na hari sa Juda ay naghari. **2** May apat na puot dalawang taon si Ahazias ng magpasimulang maghari; at siya'y nagharing isang taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Atalia na anak ni Omri. **3** Siya naman ay lumakad ng mga lakad ng bahay ni Ahab: sapagka't ang kaniyang ina ay siyang kaniyang tagapayo upang gumawang may kasam-an. **4** At kaniyang ginawa ang kasam-an sa pangingin ng PANGINOON, gaya ng ginawa ng bahay ni Ahab: sapagka't sila ang kaniyang tagapayo pagkamatay ng kaniyang ama, sa kaniyang kagibaan. **5** Siya'y lumakad naman ng ayon sa kanilang payo, at yumaon na kasama ni Jehoram na anak ni Ahab na hari sa Israel upang bumaka laban kay Hazaal na hari sa Syria sa Ramot-gilead: at sinugatan ng mga taga Syria si Jehoram. **6** At siya'y nagbalik upang magpagaling sa Jezreel ng mga sugat na ibinigay nila sa kaniya sa Rama, ng siya'y bumaka laban kay Hazaal na hari sa Syria. At si Azarias na anak ni Jehoram na hari sa Juda ay bumaba upang tingnan si Jehoram na anak ni Ahab sa Jezreel, sapagka't siya'y may sakit. **7** Ang kagibaan nga ni Ahazias ay sa ganang Dias, sa kaniyang pagparoon kay Jehoram: sapagka't ng siya'y dumating siya'y lumabas na kasama ni Jehoram laban kay Jehu na anak ni Nimsi, na siyang pina-

hiran ng PANGINOON upang ihinalay ang bahay ni Ahab. **8** At nangyari, ng si Jehu ay gumagawa ng kahatulan sa bahay ni Ahab, na kaniyang nasumpungan ang mga pangulo sa Juda, at ang mga anak ng mga kapatid ni Ahazias, na namamahala kay Ahazias, at pinatay sila. **9** At kaniyang binarap si Ahazias, at hinuli nila siya, (siya nga'y nagtatago sa Samaria,) at dinala nila siya kay Jehu, at pinatay siya; at inilibing nila siya, sapagka't kanilang sinabing: Siya'y anak ni Jehosefat, na humanap sa PANGINOON ng boo niyang puot. At ang bahay ni Ahazias ay walang kapangyarihang humawak ng kaharian.

**10** Ng makita nga ni Atalia na ina ni Ahazias na ang kaniyang anak ay namatay, siya'y nagbangon at nilipol ang lahat na binhing hari sa bahay ni Juda. **11** Nguni't kinuha ni Jehosabeat, na anak na babaye ng hari, si Joas na anak ni Ahazias, at pinakaw niya siya sa gitna ng mga anak ng hari na nangapatay, at inilagay niya siya at ang kaniyang yaya sa silid na hihigan. Gayon ikinubli ni Jehosabeat, (na anak ng haring Jehoram, na asawa ni Jehoiada na sacerdote, sapagka't siya'y kapatid ni Ahazias) kay Atalia, na ano apat' siya'y hindi napatay. **12** At siya'y nakakubling kasama nila sa bahay ng Dios na anim na taon: at si Atalia ay naghari sa lupain.

**23** At ng ikapitong taon ay lumakas si Jehoiada, at nakipagkatipon siya sa mga kapitan ng dadaanin, kay Azarias na anak ni Jehoram, at kay Ismael na anak ni Jehohanan, at kay Azarias na anak ni Obed, at kay Maaseias na anak ni Adaja, at kay Elisafat na anak ni Zikri. **2** At kanilang nilibot ang Juda, at pinisan ang mga Levita mula sa lahat na mga ciudad ng Juda, at ang mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang sa Israel, at sila'y naparoon sa Jerusalem. **3** At ang boong kapulungan ay nakipagkatipon sa hari sa bahay ng Dios. At sicabi niya sa kanilang: Narito, ang anak ng hari ay maghabari, gaya ng sinalita ng PANGINOON tungkol sa mga anak ni David. **4** Ito ang bagay na inyong gugawin: isang ikatlong bahagi niyong, na nanasok sa sabado, sa mga sacerdote at sa mga Levita, magiging mga taga-taong pinto; **5** at ang ikatlong bahagi ay magiging sa bahay ng hari; at ang ikatlong bahagi sa pintuang-daan ng cimiento: at ang boong bayan ay malalagay sa mga looban ng

bahay ng PANGINOON. 6 Nguni't walang papasok sa bahay ng PANGINOON, liban sa mga sacerdote, at niyaong mga namamahala sa mga Levita; sila'y papasok, sapagka't sila'y santo: nguni't ang boong bayan ay mag-iingat ng pagbabantay sa PANGINOON. 7 At kukulungin ng mga Levita ang hari sa palibot, baw't isa'y may dalang kaniyang mga sakbat sa kaniyang kamay; at sino mang pumasok sa bahay, patayin: at kayo'y umabay sa hari pagka siya'y pumapasok at pagka siya'y lumalabas. 8 Sa gayo'y ginawa ng mga Levita at ng boong Juda ang ayon sa lahat na iniutos ni Jehoiada na sacerdote: at sila'y kumuha baw't lalaki ng kaniyang mga lalaki, yaong mga pumapasok sa sabado, na kasama niyaong mga lumalabas sa sabado; sapagka't hindi pinayaon ni Jehoiada na sacerdote ang unang bahagi. 9 At si Jehoiada na sacerdote ay nagbigay sa mga kapitan ng mga dadaanin ng mga sibat, at mga maliit na kalasag at mga kalasag na naging sa haring David, na nasa bahay ng Dios. 10 At kaniyang inilagay ang boong bayan, baw't isa'y may kaniyang sakbat sa kaniyang kamay, mula sa dakong kanan ng bahay hangang sa dakong kaliwa ng bahay sa siping ng altar at ng bahay, sa siping ng hari sa palibot. 11 Ng magkagayo'y kanilang inilabas ang anak ng hari, at ipinutong nila ang korona sa kaniya, at binigyan siya ng patoto, at inihalal siyang hari: at pinahiran siya ni Jehoiada at ng kaniyang mga anak; at kanilang sinabing: Iligtas ng Dios ang hari. 12 At ng marinig ni Atalia ang inyang ng bayan, na tumatakbo at pinupuri ang hari, siya'y naparoon sa bayan sa loob ng bahay ng PANGINOON: 13 at siya'y tumingin at, nadito, ang hari ay tumayo sa siping ng kaniyang haligi sa pasukan, at ang mga kapitan at ang mga pakakak sa siping ng hari; at ang boong bayan sa lupain ay nagalak, at humihip ng mga pakakak; ang mga mang-aawit naman ay tumugtog ng mga instrumento ng musika, at tinugmaan ang awit sa pagpuri. Ng magkagayo'y hinapak ni Atalia ang kaniyang suot, at nagsabing: Paglililo, paglililo. 14 At inilabas ni Jehoiada na sacerdote ang mga kapitan ng dadaanin na nalalagay sa hukbo, at nagsabi sa kanilang: Palabasin ninyo siya sa pag-itan ng mga hanay; at sino mang sumunod sa kaniya, patayin ng tabak:

sapagka't sinabi ng sacerdote: Huag patayin siya sa bahay ng PANGINOON. 15 Sa gayo'y binigyang daan nila siya; at siya'y naparoon sa pasukan ng pintuangdaan ng kabayo sa bahay ng hari: at pinatay nila siya roon.

16 At si Jehoiada ay gumawa ng tipan sa kaniya, at sa boong bayan, at sa hari na sila'y magiging bayan ng PANGINOON. 17 At ang boong bayan ay naparoon sa bahay ni Baal, at ibinagsak, at pinagpirapiraso ang kaniyang mga altar at ang kaniyang mga larawan, at pinatay si Matan na sacerdote ni Baal sa harap ng mga altar. 18 At inihalal ni Jehoiada ang mga katungkulan ng bahay ng PANGINOON, sa kapangyarihan ng kamay ng mga sacerdote na mga Levita, na siyang ikinalat ni David sa bahay ng PANGINOON, upang maghandog ng mga handog na susunugin sa PANGINOON, gaya ng nasusulat sa kautusan ni Moises, na may pagkagalak, at may pagawit, ayon sa ayos ni David. 19 At kaniyang inilagay ang mga tagatanod pinto sa mga pintuangdaan ng bahay ng PANGINOON, upang walang masuk na marumi sa ano mang bagay. 20 At kaniyang ipinag-sama ang mga kapitan ng dadaanin at ang mga mahal, at ang mga gobernador ng bayan, at ang boong bayan sa lupain, at ibinaba sa hari mula sa bahay ng PANGINOON: at sila'y nasok sa bahay ng hari, na nagdaan sa pinakamataas na pintuangdaan, at inilagay ang hari sa luklukan ng kaharian. 21 Sa gayo'y ang boong bayan sa lupain ay nagalak, at ang ciudad ay tahimik: at pinatay nila si Atalia ng tabak.

24 Si Joas ay may pitong taon ng magpasimulang maghari; at siya'y nagharing apat na puong taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Zibia na taga Beer-seba. 2 At ginawa ni Joas ang matuid sa mga mata ng PANGINOON lahat ng kaarawan ni Jehoiada na sacerdote. 3 At kumuha si Jehoiada ng dalawang babaye upang maging asawa ng hari, at siya'y nagkaanak ng mga lalaki at mga babaye. 4 At nangyari, pagkatapos nito, na inisip ni Joas na husayin ang bahay ng PANGINOON. 5 At kaniyang pinisan ang mga sacerdote at ang mga Levita, at nagsabi sa kanilang: Kayo'y lumabas hangang sa mga ciudad ng Juda, at kayo'y magtipon sa boong Israel ng salapi upang husayin ang bahay ng inyong Dios sa taon taon, at tingnan ninyo na inyong madaliin

ang bagay. Gayon ma'y hindi minadali ng mga Levita. **6** At ipinatawag ng hari si Jehoiada na puno, at nagsabi sa kaniyang: Bakit hindi mo hiningi sa mga Levita na dalhin ang ambag na *talutos* ni Moises, na lingkod ng PANGINOON sa kapulungan ng Israel, mula sa Juda, at mula sa Jerusalem, para sa dampa ng patotoo? **7** Sapagka't giniba ng mga anak ni Atalia, niyaong masamang babaye, ang bahay ng Dios; at kanila namang ginugol sa mga Baal ang lahat na itinalagang mga bagay sa bahay ng PANGINOON. **8** Sa gayo'y nag-utos ang hari, at sila'y gumawa ng isang kaban, at inilagay sa labas sa pinuang-daan ng bahay ng PANGINOON. **9** At sila'y naghayag sa Juda at sa Jerusalem, na dalhin para sa PANGINOON ang ambag na inilagay ni Moises na lingkod ng Dios sa Israel sa ilang. **10** At ang lahat na pangulo at ang boong bayan ay nagalak, at dinala, at inilagay sa kaban, hangang natapos. **11** At nagkagayon, sa panahon ay dinala ang kaban sa oficina ng hari, sa pamamag-itan ng kamay ng mga Levita, at ng kanilang makita na maraming salapi, na ang kalihim ng hari at ang punong oficial ng dakilang sacerdote ay naparoon at tinuyo ang kaban, at kinuha, at dinala uli sa kaniyang lugar. Ganito ang kanilang ginawa araw-araw, at nagtipon ng salapi na sagana. **12** At ibinigay ng hari at ni Jehoiada sa gumagawa ng gagawin ng paglilingkod sa lahay ng PANGINOON; at sila'y umupa ng mga manghihichura ng bato at ng mga anloagi upang husayin ang bahay ng PANGINOON, at ng mga gumagawa naman sa bakal at tanso upang husayin ang bahay ng PANGINOON. **13** Sa gayo'y gumawa ang mga mangagawa, at ang gawa ay nalubos sa pamamag-itan nila, at kanilang inilagay ang bahay ng Dios sa kaniyang kalagayan, at pinatibay. **14** At ng kanilang matapos, kanilang dinala ang labis ng salapi sa harap ng hari at ni Jehoiada, na siyang mga ipinagpagawa ng mga sisidlan sa bahay ng PANGINOON, na mga sisidlan upang ipamahala, at upang ipaghandog ng hayin, at mga sandok, at mga sisidlang ginto at pilak. At sila'y naghandog ng mga handog na susunugin sa bahay ng PANGINOON na palagi sa lahat ng araw ni Jehoiada. **15** Ngunit si Jehoiada ay tumanda at napuspos ng mga araw, at siya'y namatay; siya'y may isang daan at tatlong puong taon ng siya'y namatay. **16** At inilibing nila siya sa ciu-

dad ni David sa kasamahan ng mga hari, sapagka't siya'y gumawa ng mabuti sa Israel, at sa Dios at sa kaniyang bahay. **17** Pagkatapos nga ng kamatayan ni Jehoiada ay naparoon ang mga pangulo sa Juda, at nagbigay galang sa hari. Ng magkagayo'y dininig sila ng hari. **18** At kanilang pinabayaan ang bahay ng PANGINOON, ng Dios ng kanilang mga magulang, at naglingkod sa mga Ashera at sa mga idolo: at ang pag-aalab ng loob ay dumating sa Juda at sa Jerusalem dahil sa kanilang salang ito. **19** Gayon ma'y nagsugo siya ng mga profeta sa kanila upang dalhin sila uli sa PANGINOON; at sila'y sumaksi laban sa kanila; ngunit hindi mga pinakingan. **20** At ang espiritu ng Dios ay dumating kay Zekarias na anak ni Jehoiada na sacerdote; at siya'y tumayo na ma-taas kay sa bayan, at nagsabi sa kanilang: Ganito ang sabi ng Dios: Bakit kayo'y sumasalangang sa mga utos ng PANGINOON, na ano pa't kayo'y luag guminhawa? sapagka't inyong pinabayaan ang PANGINOON, kaniya namang pinabayaan kayo. **21** At sila'y nagbanta laban sa kaniya, at binato siya ng mga bato, sa utos ng hari sa looban ng bahay ng PANGINOON. **22** Ganito hundi inalala ni Joas na hari ang kagandahang-loob na ginawa ni Jehoiada na kaniyang ama sa kaniya, kungdi pinatay ang kaniyang anak. At ng siya'y mamatay, kaniyang sinubing: Masdan ng PANGINOON, at pakilalaman. **23** At nangyari, sa katapusan ng taon, na ang kawal ng mga taga Syria ay sumampa laban sa kaniya; at sila'y naparoon sa Juda at sa Jerusalem, at nilipol ang lahat na pangulo ng bayan mula sa gitna ng bayan, at ipinadala ang boong samsam sa kanila sa hari sa Damasko. **24** Sapagka't ang kawal ng mga taga Syria ay naparoon may munting pulutong na mga lalaki; at ibinigay ng PANGINOON ang isang totoong malaking hukbo sa kanilang kamay, sapagka't kanilang pinabayaan ang PANGINOON, ang Dios ng kanilang mga magulang. Sa gayo'y ginawa nila ang kahatulan kay Joas. **25** At ng sila'y humimulay sa kaniya, (sapagka't iniwan nila siya sa malaking mga sakit) ang kaniyang sariling mga lingkod ay nagbanta laban sa kaniya dahil sa dugo ng mga anak ni Jehoiada na sacerdote, at pinatay siya sa kaniyang biligan, at siya'y namatay; at inilibing nila siya sa ciudad ni David, ngunit hindi inilibing nila siya sa mga libingan ng mga hari. **26** At ang

mga ito ang mga nagbanta laban sa kaniya; si Zabad na anak ni Simeat, na Ammonita, at si Jehozabad na anak ni Simrit, na Moabita. **27** Tungkol nga sa kaniyang mga anak, at sa kalakhan ng mga pasang ipinawan sa kaniya, at sa pagsasaauli ng bahay ng Dios, narito, nakasulat sa kasaysayan ng libro ng mga hari. At si Amazias na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**25** Si Amazias ay may dalawang puot limang taon ng siya'y magpasi-mulang maghari; at siya'y naghari na dalawang puot siam na taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay si Jehoadan na taga Jerusalem. **2** At siya'y gumawa ng matuid sa mga mata ng PANGINGOON, nguni't hindi ng lubos na puso. **3** Nangyari nga, ng ang kaharian ay matatag sa kaniya, na kaniyang pinatay ang kaniyang mga lingkod na pumatay sa hari na kaniyang ama. **4** Nguni't hindi niya ipinapatay ang kaniyang mga anak, kungdi gumawa ng ayon sa nakasulat sa kautusan sa libro ni Moises, gaya ng iniutos ng PANGINGOON, na sinabing: Ang mga ama ay hindi mamamatay dahil sa mga anak, o ang mga anak man ay mamamatay dahil sa mga ama: kungdi baw't tawo ay mamamatay dahil sa kaniyang sariling kasalanan. **5** Bukod dito'y pinisan ni Amazias ang Juda, at inuites sa kanila ang ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang, sa kapangyarihan ng mga kapitan ng lilibohin at ng mga kapitan ng dadaanin, ang boong Juda at Benjamin: at kaniyang binilang sila mula sa dalawang puong taong gulang hangang sa katatandandaan, at nasumpungan niya silang tatlong daang libong piling lalaki, na makalalabas sa pakikipagbaka, na makahahawak ng sibat at kalasag. **6** Siya'y umupa naman ng isang daan libong makapangyarihang lalaki na matapang na mula sa Israel sa halagang isang daang talentong pilak. **7** Nguni't naparoon ang isang lalaki ng Dios sa kaniya, na nagsabing: Oh hari, huag mong pasamahin sa iyo ang kawal ng Israel; sapagka't ang PANGINGOON ay hindi sumasa Israel, sa labat ng anak ni Efraim. **8** Nguni't kung ikaw ay yayaon, gumawa kang may katapangan, magpakalakas ka sa pakikipagbaka: ibabagsak ka ng Dios sa harap ng kaaway; sapagka't ang Dios ay may kapangyarihang tumulong at gumiba. **9** At sinabi ni Amazias sa lalaki ng Dios: Nguni't anong aming gagawin sa isang daang ta-

lento na aking ibinigay sa kawal ng Israel? At ang lalaki ng Dios ay sumagot: Ang PANGINGOON ay makapagbibigay sa iyo ng mahigit kay sa rito. **10** Ng magkagayo'y mga inihawalay ni Amazias, ang kawal na paparoon sa kaniya na mula sa Efraim, upang umuwi uli: kaya't ang kanilang galit ay totoong nag-alab labau sa Juda, at sila'y umuwi na may mabagsik na galit. **11** At si Amazias ay tumapang, at inilabas ang kaniyang bayan, at naparoon sa Libis ng Asin, at sumugat sa mga anak ng Seir ng sampuung libo. **12** At sampuung libo ang dinala ng mga anak ng Juda na buhay, at mga dinala sa taluktok ng burol at mga inihagis mula sa taluktok ng burol na ano pa't silang lahat ay nagkapispiraso. **13** Nguni't ang mga lalaki ng kawal na pinabalik ni Amazias, upang sila'y huag sumama sa kaniya sa pakikipagbaka, dumaluhong sa mga ciudad ng Juda, mula sa Samaria hangang sa Bet-horon, at sumugat sa kanila ng tatlong libo, at kumuha ng maraming samsam.

**14** Nangyari nga, pagkatapos na si Amazias ay mangaling na mula sa pagpatay sa mga Edomeo, na kaniyang dinala ang mga dios ng mga anak ng Seir, at mga inilagay upang maging kaniyang mga dios, at yumukod sa harap ng mga yaon, at nagsunog ng kamanyan sa mga yaon. **15** Kaya't ang galit ng PANGINGOON ay nag-alab laban kay Amazias, at siya'y nagsugo sa kaniya ng isang profeta, na nagsabi sa kaniyang: Bakit ikaw ay sumandal sa mga dios ng bayan na hindi iniligtas ang kanilang sariling bayan sa iyong kamay? **16** At nangyari, habang siya'y nakikipag-usap sa kaniya, na sinabi ng hari sa kaniyang: Ginawa ka ba naming tagapayo ng hari? umurong ka; bakit ikaw ay masusugatan? Ng magkagayo'y umurong ang profeta, at nagsabing: Talastas ko na pinasiyahan ng Dios na gibain ka, sapagka't iyong ginawa ito, at hindi mo dininig ang aking payo.

**17** Ng magkagayo'y kumuhang payo si Amazias na hari sa Juda, at nagsugo kay Joas na anak ni Jehoahaz na anak ni Jehu, na hari sa Israel, na nagsabing: Halika, tayo'y magtitigan. **18** At si Joas na hari sa Israel ay nagsugo kay Amazias na hari sa Juda, na nagsabing: Ang dawag na nasa Lebano ay nagsugo sa cedro na nasa Lebano, na nagsabing: Ibigay mong asawa ang iyong anak na babaye sa aking anak: at nagdaan ang isang mabangis na hayop

na nasa Lelano, at niyapakan ang dawag. **19** Ikaw ay nagsa-abing: Narito, iyong sinugatan ang Edom; at itimas ka ng iyong puso upang magmalaki: unahan ka ngayen sa bahay; bakit ilig mong mangkahin ang kasokiman, upang ikaw ay mabual, ikaw, at ang Juda na kasama mo? **20** Ngunit hindi dininig ni Amazias; sapagka't sa Dios, at ang sila'y magbigay sa pamay ng kaniyang mga bayag, sapagka't sila'y sumardal sa mga dios ng Edom. **21** Sa gayo'y sumampa si Jeas na hari sa Israel; at siya at si Amazias na hari sa Juda ay nagtitigan sa Bet-semes, na ukol sa Juda. **22** At ang Juda ay nalagay sa kasamasamaan sa harap ng Israel; at sila'y tumakas baw't isa sa kaniyang dampa. **23** At kinuha ni Jeas na hari sa Israel si Amazias na hari sa Juda, na anak ni Jeas, na anak ni Jehohaz, sa Bet-semes, at dinala siya sa Jerusalem, at ibinagsak ang kuta ng Jerusalem mula sa pintuang-daan ng Efraim hangang sa pintuang-daan, ng sulok, na upat na raang siko. **24** At kinuha niya ang lahat na ginto at pilak, at lahat na sisidlan na na-tumpungan sa bahay ng Dios na kasama ni Obed-edom, at ang mga kayamanan ng bahay ng hari, ang mga sanlang tawo naman, at nagbalik sa Samaria.

**25** At si Amazias na anak ni Jeas na hari sa Juda ay nabuhay pagkamatay ni Jeas na anak ni Jehohaz na hari sa Israel na labing limang taon. **26** Ang iba nga sa mga gawa ni Amazias, na una at huli, narito, di ba mga nasusulat sa libro ng mga hari sa Juda at sa Israel? **27** Mula ng panahon nga na humiwalay si Amazias sa pag-sunod sa PANGINOON ay sila'y gumawa ng pagbabanta laban sa kaniya sa Jerusalem; at siya'y tumakas sa Lakis; ngunit pinasurdan nila siya sa Lakis, at pinatay siya roon. **28** At dinala siya na nakasakay sa mga kabayo, at inilibing siya na kasama ng kaniyang mga magulang sa ciudad ng Juda.

**26** At kinuha ng boong bayan ng Juda si Uzias na may labing anim na taon, at inihalal siyang hari na kahabili ng kaniyang ama na si Amazias. **2** Kaniyang itinayo ang Elot, at isuanli sa Juda, pagkatapos na ang hari ay makatulong na kasama ng kaniyang mga magulang. **3** May labing anim na taon si Uzias ng sila'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing limang puo't dalawang taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang

ma ay Jeholia na taga Jeru-alem. **4** At siya'y gumawa ng matuid sa mga mata ng PANGINOON, ayon sa lahat na ginawa ng kaniyang among si Amazias. **5** At siya'y tumalagan batapin ang Dios sa mga kaarawan ni Zekarias, na siyang maalam sa malikmata sa Dios: at habang kaniyang hinahanap ang PANGINOON, pinasiguhawa siya ng Dios. **6** At siya'y lumabas at bumaka laban sa mga Filisteo, at ibinagsak ang kuta ng Gat, at ang kuta ng Jabne, at ang kuta ng Asdod; at siya'y nagtayo ng mga ciudad sa lupain ng Asdod, at sa gitna ng mga Filisteo. **7** At tinulungan siya ng Dios laban sa mga Filisteo, at laban sa mga taga Arabia na tumatahan sa Gur-baal, at sa mga Meunim. **8** At ang mga Amonita ay nagbigay ng mga kaloob kay Uzias: at ang kaniyang pangalan ay kumalat hangang sa pasukan ng Egipto; sapagka't siya'y lumakas na matam. **9** Bukod dito'y si Uzias ay nagtayo ng mga moog sa Jerusalem sa pintuang-daan na nasa panulok, at sa pintuang-daan sa libis, at sa likuran ng kuta, at mga pinagtibay. **10** At siya'y nagtayo ng mga moog sa ilang, at humukay ng maraming balon, sapagka't siya'y nagkaroon ng maraming kawan; sa mabalang lupa naman, at sa kapatagan: at siya'y may mungbukid at mangagawa sa uvasan sa mga bundok at sa mga mabungang bukid; sapagka't siya'y may lilig sa bakiran. **11** Bukod dito'y si Uzias ay may kawal ng mga mangbabuka, na lumalabas sa pakikipagbaka sa mga pulutong, ayon sa bilang ng kanilang kabilangan na ginawa ni Jeiel na kalihim, at ni Maaseias na oficial, sa kapangyarihan ni Hananias, na isa sa mga kapitan ng hari. **12** Ang boong bilang ng mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang, na mga makapangyarihang lalaking may tapang, ay dalawang libo at anim na raan. **13** At sa kapangyarihan ng kanilang kamay ay may isang maayos na kawal, na tatlong daang at pitong libo at limang daan, na bumabaka na may makapangyarihang kapangyarihan, upang tulungan ang hari laban sa kaaway. **14** At ipinagharda sila ni Uzias, ang boong hukbo, ng mga kalasag, at mga sibat, at ng mga turbante, at ng mga sapayaw, at ng mga boses, at ng mga bato para sa panghilagpos. **15** At siya'y gumawa sa Jerusalem ng mga makina, na katha ng mga bibasang tawo, upang malagay sa mga moog at sa kuta



upang magpahilagpos ng mga pana at mga malaking bato. At ang kaniyang pangalan ay kumalat na mainam: sapagka't siya'y tinulungang kagilagilalas, hangang sa siya'y lumakas.

**16** Ngunit ng siya'y lumakas, ang kaniyang puso ay nagmataas, na ano pa't siya'y gumawa ng kapahamakan, at siya'y sumalangsang laban sa PANGINOONG kaniyang Dios; sapagka't siya'y nasok sa templo ng PANGINOON upang magsunog ng kamanyan sa ibabaw ng altar na suuban.

**17** At si Azarias na sacerdote ay nasok pagkatapos niya, at kasama niya'y walong puong sacerdote ng PANGINOON, na mga matapang na lalaki: **18** at sila'y humarap kay Uzzias na hari, at nagsabi sa kaniyang:

Hindi nanukol sa iyo, Uzzias, na magsunog ng kamanyan sa PANGINOON, kungdi sa mga sacerdote na mga anak ni Aaron, na mga itinalaga na magsunog ng kamanyan: lumabas ka sa santuario; sapagka't ikaw ay sumalangsang; at hindi magiging sa iyo'y karangalan sa ganang PANGINOONG Dios.

**19** Ng magkagayo'y si Uzzias ay nag-iinit; at siya'y may pangsuh sa kaniyang kamay upang magsunog ng kamanyan; at habang siya'y nag-iinit sa mga sacerdote, ang ketong ay lumabas sa kaniyang noo sa harap ng mga sacerdote sa bahay ng PANGINOON, sa siping ng altar na suuban.

**20** At si Azarias na punong sacerdote, at ang lahat na sacerdote, tumingin sa kaniya, at narito, siya'y may ketong sa kaniyang noo, at kanilang itinulak siya na madalian mula doon; oo, siya nama'y nagmadaling lumabas, sapagka't sinugatan siya ng PANGINOON.

**21** At si Uzzias na hari ay nagka ketong hangang sa araw ng kaniyang kamatayan, at tumahan sa bahay na bukod sa paraang may ketong: sapagka't siya'y nahimalay sa bahay ng PANGINOON; at si Jotam na kaniyang anak ay nasa pamamahala ng bahay ng hari, na humahatol sa bayan ng lupain.

**22** Ang iba nga sa mga gawa ni Uzzias, una at huli, isinulat ni Isaias na profeta, na anak ni Amoz. **23** Sa gayo'y natulog si Uzzias na kasama ng kaniyang mga magulang; at inilibing nila siya na kasama ng kaniyang mga magulang sa parang na libingan na ukol sa mga hari; sapagka't kanilang sinabing: Siya'y may ketong: at si Jotam na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**24** Si Jotam ay may dalawang puot limang taon ng siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing labing anim na taon sa Jerusalem: at hindi siya gumawa ng matuid sa mga mata ng PANGINOON, ng gaya ni David na kaniyang magulang: **25** kungdi siya'y lumakad ng mga lakad ng mga hari sa Israel, at gumawa naman ng mga larawang binubo para sa mga Baal. **26** Bukod dito'y nagsunog siya ng kamanyan sa libis ng anak ni Hincm, at sinunog ang kaniyang mga anak sa apoy, ayon sa mga kasuklamsuklam ng mga walang Dios, na mga pinalayas ng PANGINOON sa harap ng mga anak ng Israel. **27** At siya'y naghayin at nagsunog ng kamanyan sa mga mataas na lugar, at sa mga burol, at sa ilalim ng bawata't sariwang kahoy. **28** Kaya't ibini-

anim na taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Jerusa na anak ni Zadok. **29** At siya'y gumawa ng matuid sa mga mata ng PANGINOON, ayon sa lahat na ginawa ng kaniyang amang si Uzzias: gayon ma'y hindi siya nasok sa templo ng PANGINOON. At ang bayan ay gumawa pa ng kapahamakan. **30** Siya'y nagtayo ng mataas na pintuang-daan sa bahay ng PANGINOON, at sa kuta ng Ofel ay nagtayo siya ng marami. **31** Bukod dito'y nagtayo siya ng mga ciudad sa lupaing maburot ng Juda, at sa mga gubat ay siya'y nagtayo ng mga palacio at mga moog. **32** Siya'y bumaka naman laban sa hari ng mga anak ni Ammon, at nanaig laban sa kanila. At ang mga anak ni Ammon ay nagbigay sa kaniya ng taong ding yaon ng isang daang talentong pilak, at sampuonng libong takal na trigo, at sampuonng libo na cebada. Gayon ding karami ang ibinayad ng mga anak ni Ammon sa kaniya sa ikalawang taon naman, at sa ikatlo. **33** Sa gayo'y si Jotam ay naging makapangyarihan, sapagka't kaniyang iniayos ang kaniyang mga lakad sa harap ng PANGINOONG kaniyang Dios. **34** Aug abi nga sa mga gawa ni Jotam, at ang lahat niyang mga pakikipagbaka, at ang kaniyang mga lakad, narito, mga nasusulat sa libro ng mga hari ng Israel, at ng Juda. **35** Siya'y may dalawang puot limang taon ng siya'y magpasimulang maghari, at nagharing labing anim na taon sa Jerusalem. **36** At si Jotam ay natulog na kasama ng kaniyang mga magulang, at inilibing nila siya sa ciudad ni David: at si Ahaz na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**28** Si Ahaz ay may dalawang puong taon ng siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing labing anim na taon sa Jerusalem: at hindi siya gumawa ng matuid sa mga mata ng PANGINOON, ng gaya ni David na kaniyang magulang: **29** kungdi siya'y lumakad ng mga lakad ng mga hari sa Israel, at gumawa naman ng mga larawang binubo para sa mga Baal. **30** Bukod dito'y nagsunog siya ng kamanyan sa libis ng anak ni Hincm, at sinunog ang kaniyang mga anak sa apoy, ayon sa mga kasuklamsuklam ng mga walang Dios, na mga pinalayas ng PANGINOON sa harap ng mga anak ng Israel. **31** At siya'y naghayin at nagsunog ng kamanyan sa mga mataas na lugar, at sa mga burol, at sa ilalim ng bawata't sariwang kahoy. **32** Kaya't ibini-

limang taon ng siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing labing

gay ng PANĀINOONG kaniyang Dios siya sa kamay ng hari sa Syria; at sinugatan nila siya, at dumala sa kaniya ng isang malaking karamihang bihag, at mga dinala sa Damasko. **5** At siya namay nabigay sa kamay ng hari sa Israel na siyang sumugat sa kaniya ng malaking pagpatay. **6** Sapagka't si Pekas na anak ni Reubias ay pumatay sa Juda ng isang daan at dalawang puong libo sa isang araw, silang lahat ay mga matayang na lalaki; sapagka't kanilang pinabayaang ang PANĀINOONG, ang Dios ng kanilang mga magulang. **7** At pinatay ni Zikri, na makapangyarihang lalaki sa Efraim, si Maaseias na anak ng hari, at si Azrikam na puno sa bahay, at si Elkana na kasunod ng hari. **8** At ang mga anak ng Israel ay nagdala ng bihag sa kanilang mga kapatid na dalawang daang libo, mga babaye, mga anak na lalaki at babaye, at naglabas din ng maraming samam na mula sa kanila, at dinala ang samam sa Samaria. **9** Ngunit isang profeta ng PANĀINOONG ay nandoon, na ang pangalan ay Oded: at siya'y lumabas na sinalubong ang hukbo na dumarating sa Samaria, at nagsabi sa kanilang: Narito, sapagka't ang PANĀINOONG, ang Dios ng inyong mga magulang, ay nag-iinit sa Juda, ibinigay niya sila sa inyong kamay, at inyong pinatay sila sa isang pag-uulab ng loob na umaabot hangang sa langit. **10** At ngayoy'y inyong inaakalang pasukulin ang mga anak ng Juda at ng Jere-alem na maging pinaka aliping lalaki at babaye sa inyo: g wala ba kayong pagsalangang sa inyong sarili laban sa PANĀINOONG inyong Dios? **11** Ngayoy'y dingin nga ninyo ako, at pabalik ninyo ang mga bihag, na inyong kinuhang bihag sa inyong mga kapatid: sapagka't ang mabagsik na pag-iinit ng PANĀINOONG ay sama sa inyo. **12** Ng magkagayoy'y ilan sa mga pangulo ng mga anak ni Efraim, si Azarias na anak ni Jehonani, si Berekias na anak ni Mesilemot, at si Jehizkias na anak ni Sallum, at si Amasa na anak ni Hadlai, tumayo laban sa kanila na nangaling sa pakikipagbaku, **13** at nagsabi sa kanilang: Kayoy'y hang magdadala ng mga bihag dito: sapagka't inyong inaakala na magdadala sa atin ng pagsalangang laban sa PANĀINOONG, upang idagdag sa ating mga kasalanan at sa ating mga pagsalangang: sapagka't ang ating pagsalangang ay malaki, at may mabangis na pag-iinit laban sa Israel. **14** Sa gayoy'y

iniwan ng mga lalaking may sakbat ang mga bihag at ang mga samam sa harap ng mga pangulo at ng boong kapulungan. **15** At ang mga lalaking nasaysay sa pamamagitan ng pangalan ay nagbangon, at kinuha ang mga bihag at sampuo ng samam ay binihisan ang lahat na hubad sa kanila, at dinamitan at sinapatusan, at mga pinakain at pinainom, at mga picalahiran ng langit, at dinala ang lahat na mahina sa kanila na nakasabay sa mga asno, at mga dinala sa Jeriko, na ciudad ng mga puno ng palma, sa kanilang mga kapatid: ng magkagayoy'y nagbalik sila sa Samaria.

**16** Ng panahong hari'y nagugo ang haring Ahaz sa mga hari sa Asiria upang tulungan siya. **17** Sapagka't naparoon uli ang mga Edomoc at sinugatan ang Juda, at dinalang mga bihag. **18** Pinasok naman ng mga Filisteo ang mga ciudad ng malabang lupa, at ang Timugan ng Juda, at sinakop ang Bet-semes, at ang Ajalon, at ang Gederot, at ang Soko sampuo ng mga nayon noon, at ang Timna sampuo ng mga nayon noon, ang Gimzo naman at ang mga nayon noon: at sila'y tumahan doon. **19** Sapagka't ibinaba ng PANĀINOONG ang Juda dahil kay Ahaz na hari sa Israel; sapagka't siya'y nagpakalayo sa Juda, at sumalangang na mainam laban sa PANĀINOONG. **20** At si Tilgat-pilneser na hari sa Asiria ay naparoon sa kaniya, at pinaapaulaw siya, ngunit hindi siya pinalakas. **21** Sapagka't si Ahaz ay kumuha ng bahagi sa bahay ng PANĀINOONG, at sa bahay ng hari at sa mga pangulo, at ibinigay sa hari sa Asiria: ngunit hindi siya tinulungan. **22** At sa panahon ng kaniyang kapaulawan ay sumalangang pa siya ng higit laban sa PANĀINOONG, ang hari ring ito na si Ahaz. **23** Sapagka't siya'y naghayin sa mga dios sa Damasko, na sumugat sa kaniya: at sinabi niyang: Sapagka't tinulungan sila ng mga dios ng mga hari sa Syria, kaya't ako'y maghahayin sa kanila, upang tulungan nila ako. Ngunit sila ang kapahamakan niya at ng boong Israel. **24** At pinisan ni Ahaz ang mga sisidlan ng bahay ng Dios, at pinagpirapiraso ang mga sisidlan ng bahay ng Dios, at isinara ang mga pinto ng bahay ng PANĀINOONG; at siya'y gumawa sa kaniya ng mga altar sa lawa't sulok ng Jerusalem. **25** At sa lawa't iba't ibang ciudad ng Juda ay gumawa siya ng mga mataas na lugar upang pagsunangan ng kamayanan sa mga ibang dios: at minung-

kahi sa galit ang PANGINOON, ang Dios ng kaniyang mga magulang. **26** Ang iba nga ng kaniyang mga gawa, at lahat niyang mga lakad, una at huli, narito, mga nasusulat sa libro ng mga hari sa Juda at Israel. **27** At si Ahaz ay natulong na kasama ng kaniyang mga magulang, at inilibing nila siya sa ciudad, sa Jerusalem; sapagka't hindi nila dinala siya sa mga libingan ng mga hari sa Israel: at si Hezekias na kaniyang anak ay naghari na kahallili niya.

**29** Si Hezekias ay nagpasimulang maghari ng siya'y dalawang puo't limang taon; at siya'y naghari na dalawang puo't siam na taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Abija na anak ni Zekarias. **2** At siya'y gumawa ng matuid sa mga mata ng PANGINOON, ayon sa lahat na ginawa ni David na kaniyang magulang. **3** Siya'y nagbukas ng unang taon ng kaniyang paghahari, sa unang buan, ng mga pinto ng bahay ng PANGINOON, at mga hinusay. **4** At kaniyang dinala ang mga sacerdote at mga Levita, at mga pinisan sa maluang na lugar sa silanganan, **5** at nagsabi sa kanilang: Dingin ninyo ako, ninyong mga Levita; ngayoy magpakasanto kayo, at papagingsantohin ninyo ang bahay ng PANGINOON, ang Dios ng inyong mga magulang, at ilabas ninyo ang karumihan sa santong lugar. **6** Sapagka't ang ating mga magulang ay sumalangsang, at gumawa ng kasam-an sa paningin ng PANGINOONG ating Dios, at pinabayaan siya, at itinalikod ang kanilang mga mukha sa tahanan ng PANGINOON, at nagsitalikod. **7** Kanila ring isinara ang mga pinto ng malaking pintuan, at pinatay ang mga ilawan, at hindi nagsunog ng kamayanan o naghandog man ng mga handog na susunugin sa santong lugar sa Dios ng Israel. **8** Kaya't ang pag-iinit ng PANGINOON ay suma Juda at Jerusalem, at mga ibinigay niya sila upang hamakin sa't saan man, upang maging katigilan at kasutsutan, gaya ng inyong nakikita ng inyong mga mata. **9** Sapagka't narito, ang ating mga magulang ay nabual sa pamamag-itan ng tabak, at ang ating mga anak na lalaki at babaye at ang ating mga asawa ay nasa pagkabihag dahil dito. **10** Nasa akin ngang puso ay gumawa ng tipan sa PANGINOON, sa Dios ng Israel, upang ang kaniyang mabagsik na galit ay humiwalay sa atin. **11** Mga anak ko, huag kayong magpakahangal:

sapagka't pinili kayo ng PANGINOON upang tumayo sa harap niya, upang namahala sa kaniya, at kayo'y maging kaniyang mga tagapamahala at magsunog kayo ng kamayanan.

**12** Ng magkagayo'y nagbangon ang mga Levita, si Mahat na anak ni Amasai, at si Joel na anak ni Azarias sa mga anak ng mga Koatita: at sa mga anak ni Merari, si Kis na anak ni Abdi, at si Azarias na anak ni Jehalelel: at sa mga Gersonita si Joah na anak ni Zima, at si Eden na anak ni Joah: **13** at sa mga anak ni Elizafan, si Simri at si Jeuel: at sa mga anak ni Asaf, si Zekarias at si Matanias: **14** at sa mga anak ni Heman, si Jehuel at si Simei: at sa mga anak ni Jedutun, si Semaya at si Uzziel. **15** At pinisan nila ang kanilang mga kapatid, at mga nagpakasanto, at nagsipasok ayon sa utos ng hari sa pamamag-itan ng mga salita ng PANGINOON, upang linisin ang bahay ng PANGINOON. **16** At ang mga sacerdote ay nasok sa pinakalob ng bahay ng PANGINOON, upang linisin, at inilabas ang lahat na karumihan na kanilang nasumpungan sa templo ng PANGINOON sa looban ng bahay ng PANGINOON. At kinuha ng mga Levita upang ilabas sa batis ng Kidron. **17** Sila ngay nagpasimula ng unang araw ng unang buan na magpakasanto, at ng ikawalong araw ng buan ay naparoon sila sa malaking pintuan ng PANGINOON; at kanilang pinapaging santo ang bahay ng PANGINOON sa walong araw; at sa ikalabing anim na araw ng ubang buan ay kanilang tinapos. **18** Ng magkagayo'y kanilang pinasok si Hezekias na hari, sa loob ng palacio, at kanilang sinabing: Aming nilinis ang boong bahay ng PANGINOON, at ang altar ng handog na susunugin, sampuo ng lahat na kasangkapan noon, at ang dulang ng tinapay na handog, sampuo ng lahat na kasangkapan noon. **19** Bukod dito'y lahat na kasangkapan, na inihagis ng haring Ahaz sa kaniyang paghahari, ng siya'y sumalangsang, aming inihanda at pinapaging santo; at, narito, mga nasa harap ng altar ng PANGINOON.

**20** Ng magkagayo'y si Hezekias na hari ay nagbangon maaga, at pinisan ang mga pangulo sa ciudad, at sumampa sa bahay ng PANGINOON. **21** At sila'y nagdala ng pitong baka, at pitong tupa, at pitong cordero, at pitong kambing na lalaki, na pinakahandog dahil sa kasala-

nan sa ikagagaling ng kaharian, at ng santuario, at Juda. At sila'y nag-utos sa mga sacerdote na mga anak ni Aaron na mga ihandog sa altar ng PANGINOON.

**22** Sa gayo'y kanilang pinatay ang mga baka, at tinangap ng mga sacerdote ang dugo, at iniwisik sa altar: at kanilang pinatay ang mga tupa, at iniwisik ang dugo sa ibabaw ng altar: pinatay rin nila ang mga cordero, at iniwisik ang dugo sa ibabaw ng altar.

**23** At kanilang inilapit ang mga kambing na lalaki para sa handog dahil sa kasalanan sa harap ng hari at ng kapulungan; at ipinatong nila ang kanilang mga kamay sa mga yaon:

**24** at mga pinatay ng mga sacerdote, at sila'y gumawa ng isang handog dahil sa kasalanan sa pamamagitan ng kanilang dugo sa ibabaw ng altar, upang itubos sa boong Israel: sapagka't iniutos ng hari na ang handog na susunugin at ang handog dahil sa kasalanan ay gagawin para sa boong Israel.

**25** At kaniyang inilagay ang mga Levita sa bahay ng PANGINOON na may mga cimbal, may mga salterio, at may mga alap, ayon sa utos ni David, at ni Gad na tagapagkita ng hari, at ni Natan na profeta: sapagka't ang utos ay sa PANGINOON sa pamamagitan ng kaniyang mga profeta.

**26** At ang mga Levita ay tumayo na may mga instrumento ni David, at ang mga sacerdote na may mga pakukak.

**27** At si Hezekias ay nag-utos na maghandog ng handog na susunugin sa ibabaw ng altar. At ng ang handog na susunugin ay pasimulan, ang awit sa PANGINOON ay pinalimulan naman, at ang mga pakukak, na kasama ng mga instrumento ni David na hari sa Israel.

**28** At ang boong kapulungan ay sumamba, at ang mga mang-aawit ay umawit, at ang mga mangpapakakak ay nagpatunog; lahat ng ito ay ipinagpatuloy hangang sa ang handog na susunugin ay natapos.

**29** At ng sila'y makatapos ng paghahandog, ang hari at ang lahat na nakaharap na kasama niya ay yumukod at sumamba.

**30** Bukod dito'y iniutos ni Hezekias na hari at ng mga pangulo sa mga Levita na umawit ng mga pagpupuri sa PANGINOON sa pamamagitan ng mga salita ni David, at ni Asaf na tagapagkita. At sila'y umawit ng mga pagpuri na may kasayahan, at kanilang iniyukod ang kanilang mga ulo at sumamba.

**31** Ng magkagayo'y sumagot si Hezekias at nagsabing: Ngaya'y nagsitalaga kayo sa PANGINOON, kayo'y lumapit

at magdala ng mga hayin at mga handog na pasalamat sa bahay ng PANGINOON. At magdala ang kapulungan ng mga hayin at ng mga handog na pasalamat; at kasingdami ng *dinalang* mga handog na susunugin ng may kusang puso.

**32** At ang bilang ng mga handog na susunugin na dinala ng kapulungan, pitong puong baka, isang daang tupang lalaki, at dalawang daang cordero: lahat ng ito ay pinakahandog na susunugin sa PANGINOON.

**33** At ang mga bagay na itinalaga ay anim na raang baka at tatlong libong tupa.

**34** Ngunit ang mga sacerdote ay totoong kaenti, na ano pa't hindi nila malapnusan ang lahat na handog na susunugin: kaya't tiulungan sila ng kanilang mga kapatid na mga Levita, hangang sa natapos ang gagawin, at hangang sa nangagpakasanto ang mga sacerdote: sapagka't ang mga Levita ay matnid ang puso na mangagpakasanto na higit kay sa mga sacerdote.

**35** At ang mga handog na susunugin naman ay sagana, sampuo ng taba ng mga handog tungkol sa kapayapaan, at sampuo ng mga handog na inumin para sa bawat handog na susunugin. Sa gayo'y ang paglilingkod sa bahay ng PANGINOON ay naayos.

**36** At si Hezekias ay nagalak, at ang boong bayan, dahil sa inihanda ng Dios ang bayan: sapagka't ang bagay ay biglang nagawa.

**30** At si Hezekias ay nagsugo sa boong Israel at Juda, at sumulat ng mga sulat naman sa Efraim at Manases, na sila'y pumaroon sa bahay ng PANGINOON sa Jerusalem, upang ipangilin ang paskua sa PANGINOON, sa Dios ng Israel.

**2** Sapagka't ang hari ay kumuhang payo, at ang kaniyang mga pangulo, at ang boong kapulungan sa Jerusalem, upang ipangilin ang paskua sa ikalawang buan.

**3** Sapagka't hindi nila maipangilin sa panahong yaon, sapagka't ang mga sacerdote ay hindi nagpakasanto sa sukat na bilang, o nagpipisan man ang bayan sa Jerusalem.

**4** At ang bagay ay matuid sa mga mata ng hari at sa boong kapulungan.

**5** Sa gayo'y itinatag nila ang pasiya upang magtanyag sa boong Israel, mula sa Beerseba hangang sa Dan, na sila'y pumaritong ipangilin ang paskua sa PANGINOON, sa Dios ng Israel, sa Jerusalem; sapagka't hindi nila ipinagdiwang sa malaking bilang sa gayong paraan na gaya ng nakasulat.

**6** Sa gayo'y ang mga mangdadala ng sulat ay yamaong dala ang sulat na mula sa hari at sa kaniyang mga pangulo sa boong

Israel at Juda, at ayon sa utos ng hari, na sinabing: Kayong mga anak ng Israel, magbalik kayo sa PANGINOON, sa Dios ni Abraham, ni Isaac, at ni Israel, upang siya'y magbalik sa nalabi na nakataanan sa inyo na mula sa kamay ng mga hari sa Asiria. **7** At kayo'y huag maging gaya ng inyong mga magulang, at gaya ng niyang mga kapatid, na sumalang-sang laban sa PANGINOON, sa Dios ng kanilang mga magulang, na ano pa't ibinigay niya sila sa pagkagiba, gaya ng inyong nakikita. **8** Ngayo'y huag kayong maging matigas na batok, na gaya ng inyong mga magulang; kungdi tumalaga kayo sa PANGINOON, at pumasok sa kaniyang santuario, na kaniyang pinapaging santo magpakailan man, at kayo'y maglingkod sa PANGINOONG inyong Dios, upang ang kaniyang mabagsik na galit ay humiwalay sa inyo. **9** Sapagka't kung kayo'y magbalik uli sa PANGINOON, ang inyong mga kapatid at ang inyong mga anak ay makakasumpung ng habag sa harap nilang mga dumalang bihag, at paririto uli sa lupaing ito: sapagka't ang PANGINOONG inyong Dios ay mapagbiyaya at maawain, at hindi itatalikod ang kaniyang mukha sa inyo, kung kayo'y magbalik sa kaniya. **10** Sa gayo'y ang mandadala ng sulat ay dumaan sa ciudad at ciudad sa lupain ng Efraim at Manases, hangang sa Zebulun: nguni't sila'y tinatawanan upang magalit, at tinutuya sila. **11** Gayon ma'y ang iba sa Aser, at sa Manases, at sa Zebulun ay nangagpakumbaba, at naparoon sa Jerusalem. **12** Suma Juda naman ang kamay ng Dios upang bigyan sila ng isang puso, upang gawin ang utos ng hari at ng mga pangulo sa pamamagitan ng salita ng PANGINOON. **13** At nagpipisan sa Jerusalem ay maraming bayan upang ipagdiwang ang kapistahan ng tinapay na walang lewadura sa ikalawang buan, isang totoong malaking kapulungan. **14** At sila'y nagbangon at inalis ang mga altar na nasa Jerusalem, at ang lahat na altar para sa pangsuob ay inalis nila, at kanilang inihagis sa batis ng Kidron. **15** Ng magkagayo'y kanilang pinatay ang paskua sa ikalabing apat ng ikalawang buan: at ang mga sacerdote at ang mga Levita ay nangapahiya, at nangagpakasanto, at nagdala ng mga handog na susunugin sa bahay ng PANGINOON. **16** At sila'y tumayo sa kanilang lugar ayon sa kanilang ayos, ayon sa kautusan ni Moises na lalaki ng

Dios: iniwisik ng mga sacerdote ang dugo, na kanilang tinungap sa kamay ng mga Levita. **17** Sapagka't marami sa kapulungan na hindi nangagpakasanto: kaya't ang mga Levita ang may katungkulan ng pagpatay ng paskua para sa bawata't isa na hindi malinis, upang mga papaging santohin sa PANGINOON. **18** Sapagka't isang karamihan sa bayan, marami sa Efraim at sa Manases, sa Isakar, at sa Zebulun, hindi nangagpakalinis, gayon ma'y kumain sila ng paskua na hindi gaya ng nasusulat. Sapagka't idinalangin sila ni Hezekias, na sinabing: Ang mabuting PANGINOON ay nagpatawad sa bawata't isa, **19** na naglalagak ng kaniyang puso upang hanapin ang Dios, ang PANGINOON, ang Dios ng kaniyang mga magulang, bago man hindi siya malinis ng ayon sa paglilinis sa santuario. **20** At dininig ng PANGINOON si Hezekias at pinagaling ang bayan. **21** At ang mga anak ng Israel na nakaharap sa Jerusalem ay ipinagdiwang ang kapistahan ng tinapay na walang lewadura na pitong araw, na may malaking kasayahan: at ang mga Levita at ang mga sacerdote ay pumuri araw-araw sa PANGINOON na *umaawit*, na may mga matunog na instrumento sa PANGINOON. **22** At si Hezekias ay nagsalitang may kagandanang-loob sa lahat na mga Levita na mga matalino sa paglilingkod sa PANGINOON. Sa gayo'y kumain sila sa boong kapistahan sa loob ng pitong araw, na naghahandog ng mga hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan, at nagsasaysay sa PANGINOON, sa Dios ng kanilang mga magulang. **23** At ang boong kapulungan ay kumuhang payo upang magdiwang ng ibang pitong araw: at sila'y nagdiwang ng ibang mga araw na may kasayahan. **24** Sapagka't si Hezekias na hari sa Juda ay nagbigay sa kapulungan ng pinakahandog na isang libong baka at pitong libong tupa; at ang mga pangulo ay nagbigay sa kapulungan ng isang libong baka at sampung libong tupa: at isang malaking bilang ng mga sacerdote ay nangagpakasanto. **25** At ang boong kapulungan ng Juda, sampung ng mga sacerdote at mga Levita, at ang boong kapulungan na lumabas sa Israel, at ang mga taga ibang lupa na lumabas sa lupain ng Israel, at ang tumatahan sa Juda, ay nagalak. **26** Sa gayo'y nagkaroon ng malaking kagalakan sa Jerusalem: sapagka't mula sa panahon ni Solomon na anak ni David na hari sa Israel

ay hindi nagkaroon ng gaya sa Jerusalem **27** Ng magkagayo'y ang mga sacerdote na mga Levita ay bumangon at binasbasan ang bayan: at ang kanilang voces ay narinig, at ang kanilang dalangin ay sumampa sa kaniyang santong tahanan, hangang sa langit.

**31** Ng matapos nga ang lahat ng ito, ang boong Israel na nakaharap ay lumabas sa mga ciudad ng Juda, at pinagpirasos ang mga haligi, at ibinual ang mga Ashera, at iginiba ang mga mataas na lugar at ang mga altar mula sa boong Juda at Benjamin, sa Efrain naman at sa Manases, hangang sa kanilang mga naigibang lahat. Ng magkagayo'y ang lahat na anak ng Israel ay nagbalik, bawa't isa'y sa kaniyang pag-aari, sa kanilang sariling mga ciudad. **2** At inihalal ni Hezekias ang mga pagkakabahagi ng mga sacerdote, at ng mga Levita ayon sa kanilang pagkakabahagi, bawa't lalaki ay ayon sa kaniyang katungkulan, ang mga sacerdote at gayon din ang mga Levita, para sa mga handog na susunugin at para sa mga handog tungkol sa kapayapaan, upang mamahala, at upang magpasalamat, at upang manalangin sa mga pintuang-daan ng kamento ng PANGINOON. **3** *Iinakda naman niya ang bahagi ng hari sa kaniyang laman para sa mga handog na susunugin, para sa mga handog na susunugin sa umaga at sa hapon, at ang mga handog na susunugin para sa mga sabado, at para sa mga bagong buan, at para sa mga takdang kapistahan, na gaya ng nakasulat sa kautusan ng PANGINOON.* **4** Bukod dito'y inutusan niya ang bayan na tumatahan sa Jerusalem, na ibigay ang bahagi ng mga sacerdote at ng mga Levita, upang kanilang maibigay sa kautusan ng PANGINOON. **5** At paglabas ng utos, ang mga anak ng Israel ay nagbigay na sagana ng mga unang bunga ng trigo, alak, at langis, at pulot, at sa lahat na bunga sa bukid; at ang ikasampung bahagi ng lahat na mga bagay ay dinala nila na sagana. **6** At ang mga anak ng Israel at ng Juda, na tumatahan sa mga ciudad ng Juda, sila nama'y nagdala ng ikasampung bahagi ng mga baka at mga tupa, at ng ikasampung bahagi ng mga itinalagang bagay na mga itinalaga sa PANGINOONG kanilang Dios, at mga inilagay na mga buntong. **7** Ng ikatlong buan ay sila'y nagpasimulang maglagay ng pasimula ng mga buntong, at mga natapos sa ikapitong buan. **8** At ng pu-

maroon si Hezekias at ang mga pangulo at makita ang mga buntong, kanilang pinuri ang PANGINOON, at ang kaniyang bayang Israel. **9** Ng magkagayo'y nagtanong si Hezekias sa mga sacerdote at sa mga Levita tungkol sa mga buntong. **10** At si Azarias na punong sacerdote sa bahay ni Zadok, sumagot sa kaniya, at nagsabing: Mula na ang bayan ay magpasimulang magdala ng mga alay sa bahay ng PANGINOON, kami ay kumain at nabusog kami, at lumabis ng sagana: sapagka't pinagpala ng PANGINOON ang kaniyang bayan; at ang naiwan sa malaking kamalig na ito. **11** Ng magkagayo'y nag-utos si Hezekias na maghanda ng mga silid sa bahay ng PANGINOON; at mga inihanda nila. **12** At kanilang pinagdalan ng mga alay at, ng mga ikasampung bahagi, at ng mga itinalagang bagay, na may pagtatapat: at sa mga yaon ay puno si Konanias na Levita, at si Simei na kaniyang kapatid ay siyang ikalawa. **13** At si Jehiel, at si Azazias, at si Nahat, at si Asahel, at si Jerimot, at si Jozabad, at si Eliel, at si Ismakias, at si Mahat, at si Benaya, ay mga tagapagkita sa kapangyarihan ng kamay ni Konanias at ni Simei na kaniyang kapatid, ayon sa pagkahalal ni Hezekias na hari, at ni Azarias na puno sa bahay ng Dios. **14** At si Kore na anak ni Imna na Levita, na tagatandog pinto sa silanganang pintuang-daan, ay nasa mga kusang handog sa Dios, upang bahagihin ang mga alay sa PANGINOON, at ang mga pinakasantong bagay. **15** At nasa kapangyarihan niya si Eden, at si Miniamin, at si Jesua, at si Semaya, si Amarias, at si Sekanias, sa mga ciudad ng mga sacerdote, sa kanilang takdang katungkulan, upang ibigay sa kanilang mga kapatid ayon sa mga pagkakabahagi, gayon sa malaki na gaya sa maliit: **16** bukod doon sa mga nabilang sa mga talaang lahi ng mga lalaki, na mula sa tatlong taong gulang hangang sa katandatandaan, sa bawa't nanasok sa bahay ng PANGINOON, ayon sa kailangan sa bawa't araw, para sa kanilang paglilingkod sa kanilang mga katungkulan ayon sa kanilang mga bahagi; **17** at silang mga nabilang sa pamamag-itan ng talaan ng lahi ng mga sacerdote ayon sa bahay ng kanilang mga magulang, ang mga Levita mula sa dalawang puong taong gulang hangang sa katandatandaan, sa kanilang mga katungkulanan ayon sa kanilang mga bahagi; **18** at silang mga nabilang sa pamamag-itan ng

talaan ng lahi ng lahat nilang mga bata, ng kanilang mga asawa, at ng kanilang mga anak na lalaki at babaye, sa boong kapulungan: sapagka't sa kanilang takdang katungkulan ay sila'y nagpakasanto sa kasantosan: **19** gayon din sa mga anak ni Aaron na mga sacerdote, na nangasa bukiran ng mga nayon ng kanilang mga ciudad, sa bawa't iba't ibang ciudad, may mga lalaki na nasasaysay sa pamamagitan ng pangalan, upang magbigay ng mga bahagi sa lahat na lalaki na mga sacerdote, at sa lahat na nabiling ayon sa talaan ng lahi ng mga Levita. **20** At ganito ang ginawa Hezekias sa boong Juda; at kaniyang ginawa ang mabuti, at matuid, at tapat sa harap ng PANGINOONG kaniyang Dios. **21** At sa bawa't gagawin na kaniyang pinasimulan sa paglilingkod sa bahay ng Dios, at sa kautusan at sa mga utos, upang hanapin ang kaniyang Dios, kaniyang ginawa ng boong puso niya, at guminhawa.

**32** Pagkatapos ng mga bagay na ito, at ng pagtatapat na ito, naparoon si Senakerib na hari sa Asiria at nasok sa Juda, at nagtayo ng kampamento laban sa mga ciudad na nakukutaan, at umisip na looban upang kaniyahin. **2** At ng makita ni Hezekias na si Senakerib ay dumating, at siya'y tumalaga na bumaka laban sa Jerusalem, **3** siya'y kumuhang payo sa kaniyang mga pangulo at sa kaniyang mga makapangyarihang lalaki upang patigilin ang mga tubig sa mga bukal na nasa labas ng ciudad; at kanilang tinulungan siya. **4** Sa gayo'y nagpisan ng maraming bayan, at kanilang pinatigil ang lahat na mga bukal, at ang hatis na umaagos sa gitna ng lupain, na sinabing: *¿Bakit paririto ang mga hari sa Asiria, at makakasumpong ng maraming tubig?* **5** At siya'y nagdalang tapang, at itinayo niya ang lahat na kuta na nabagsak, at pinataas pa ang mga moog, at ang ibang kuta sa labas, at pinagtibay ang Millo sa ciudad ni David, at gumawa ng mga sakbat at mga kalsag na sagana. **6** At siya'y naglagay ng mga kapitang pangbaka sa bayan, at mga pinisan niya sa kaniya sa lual na lugar sa pintuang-daan ng ciudad, at nagsalita na may kagandahang-loob sa kanila, na nagsabing: **7** Ikaw ay magpakalakas at magpakatapang na mabuti, huag mong katakutan o panglupaypayan mau ang hari sa Asiria, o ang boong karamihan man na kasama niya: sapagka't may la-

long malaki sa atin kay sa kaniya: **8** sumasakaniya ay isang kamay na laman; nguni't sumasaatin ay ang PANGINOONG ating Dios upang tulongan tayo, at ipakipagbaka ang ating mga pagbabaka. At ang bayan ay nangagpahinga sa mga salita ni Hezekias na hari sa Juda.

**9** Pagkatapos nito'y sinungo ni Senakerib na hari sa Asiria ang kaniyang mga lingkod sa Jerusalem, (siya nga'y nasa harap ni Lakis, at ang kaniyang boong kapangyarihan ay sumasa kaniya) kay Hezekias na hari sa Juda, at sa boong Juda na nasa Jerusalem, na nagsabing: **10** Ganito ang sabi ni Senakerib na hari sa Asiria: *¿Sa ano kayo umaasa na kayo'y tumatahan sa pagkulong sa Jerusalem?* **11** *¿Hindi ba kayo hinihikayat ni Hezekias, upang kayo'y ibigay sa pagkamatay sa pamamagitan ng kagutom, at ng kahaw-haw, na sinabing: Iiligtas tayo ng PANGINOONG ating Dios sa kamay ng hari sa Asiria?* **12** *¿Hindi ba ang Hezekias ding ito ang nag-alis ng kaniyang mga mataas na lugar at ng kaniyang mga altar at nag-utos sa Juda at sa Jerusalem, na nagsabing: Kayo'y sasamba sa harap ng isang altar, at sa ibabaw noo'y magsusunog kayo ng kamanyan?* **13** *¿Hindi ba ninyo nalalaman, kung ano ang ginawa ko at ng aking mga magulang sa lahat ng bayan ng mga lupain?* *¿Ang mga dios ba ng mga nacion ng mga lupain ay nakapagligtas sa ano mang paraan ng kaniyang lupain sa aking kamay?* **14** *¿Sino sa lahat ng mga dios ng mga naciong yaon na lubos na giniba ng aking mga magulang na nakapagligtas ng kaniyang bayan sa aking kamay, upang kayo'y mailigtas ng inyong Dios sa aking kamay?* **15** *Kaya't huag nga kayong dayain ni Hezekias, o habulin kayo ng ganitong paraan, o paniwalaan man ninyo siya: sapagka't walang dios sa alin mang nacion o kaharian na nakapagligtas ng kaniyang bayan sa aking kamay, at sa kamay ng aking mga magulang: ¿gasino pa nga kaya ang inyong Dios na makapagligtas sa inyo sa aking kamay?* **16** At ang kaniyang mga lingkod ay nagsalita pa laban sa PANGINOONG Dios, at laban sa kaniyang lingkod na si Hezekias. **17** Siya'y sumulat naman ng mga sulat upang tunggayawin ang PANGINOONG, ang Dios ng Israel, at upang magsalita laban sa kaniya, na nagsabing: *Kung paanong hindi iniligtas ng mga dios ng mga nacion ng mga lupain ang kanilang bayan sa aking ka-*

may, gayon hindi iniligtas ng Dios ni Hezekias ang kaniyang bayan sa aking kamay. **18** At sila'y sumigaw ng malakas na voces sa wikang Judio sa bayan ng Jerusalem na nasa kuta, upang takutin sila, at upang bagabagin sila; upang kaniyang masakop ang ciudad. **19** At sila'y nagsalita tungkol sa Dios sa Jerusalem, na gaya sa mga dios ng mga bayan sa lupa, na gawa ng mga kamay ng mga tawo. **20** At si Hezekias na hari at si Isaias na profeta na anak ni Amoz, dumalangin dahil dito, at dumaing sa langit. **21** At ang PANGINOON ay nagsugo ng isang angel, na naghiwalay ng lahat na makapangyarihang lalaking may tapang, at ng mga pangulo at mga kapitan, sa kamento ng hari sa Asiria. Sa gayo'y bumalik siya na may hiyang mukha sa kaniyang sariling lupain. At ng siya'y dumating sa bahay ng kaniyang dios, ang mga lumabas sa kaniyang sariling tiyan ay pinatay niya doon ng tabak. **22** Ganito iniligtas ng PANGINOON si Hezekias at ang mga mananahan sa Jerusalem mula sa kamay ni Senakerib na hari sa Asiria, at mula sa kamay na lahat na iba, at mga pinatubayan sila sa bawat dako. **23** At marami ay nagdala ng mga kaloob sa PANGINOON sa Jerusalem, at ng mga mahalagang bagay kay Hezekias na hari sa Juda: na ano pa't siya'y nataas sa paningin ng lahat na nasyon mula noon.

**24** Ng mga araw na yaon nagkasakit ng ikamamata'y si Hezekias: at siya'y dumalangin sa PANGINOON: at siya'y nagsalita sa kaniya, at binigyan niya siya ng tanda. **25** Ngunit si Hezekias ay hindi nagbayad uli ng ayon sa kabutihang ginawa sa kaniya; sapagka't ang kaniyang puso ay nataas: kaya't nagkaroon ng pag-iinit sa kaniya, at sa Juda, at sa Jerusalem. **26** Gayon ma'y nagpakababa si Hezekias dahil sa kapalaluan ng kaniyang puso, siya, at gayon din ang mga mananahan sa Jerusalem, na ano pa't ang pag-iinit ng PANGINOON ay hindi dumating sa kanila sa mga kaarawan ni Hezekias. **27** At si Hezekias ay nagkaroon ng malabis na mga kayamanan at karangalan: at siya'y nagtaon ng sa kaniya, ng mga ingatang-yaman para sa pilak, at para sa ginto, at para sa mga mahalagang bato, at para sa mga pabango, at para sa mga kalasag, at para sa lahat na sarisaring mabuting mga sisidlan; **28** mga kamalig naman para sa bunga ng trigo, at ng alak at ng langis; at mga silungan ng kabayo para

sa lahat na sarisaring mga hayop, at mga silungan para sa mga kawan. **29** Bukod dito'y nagtaan siya sa kaniya ng mga ciudad, at mga pag-aari na mga kawan at mga bakahan na sagana: sapagka't binigyan siya ng Dios ng maraming laman. **30** Ang Hezekias ding ito naman ang nagpatigil ng pinakamataas na bukal ng mga tubig sa Gihon, at mga ibinabang matuid sa dakong kalumuran ng ciudad ni David. At si Hezekias ay guminhawa sa lahat ng kaniyang mga gawa. **31** Gayon ma'y sa bagay ng mga sugo ng mga pangulo sa Babilonia, na nagsugo sa kaniya upang mag-usisa ng kababalaglaang nagawa sa lupain, pinabayaan siya ng Dios upang tukman siya, upang kaniyang malaman ang lahat na nasa kaniyang puso. **32** Ang abi nga sa mga gawa ni Hezekias, at ng kaniyang mga mabuting gawa, narito, nangakasulat sa malikmata ni Isaias na profeta na anak ni Amoz, sa libro ng mga hari sa Juda at Israel. **33** At si Hezekias ay natulong na kasama ng kaniyang mga magulang, at inilibing nila siya sa sampahan ng mga libingan sa mga anak ni David: at binigyan siyang karangalan ng boong Juda at ng mga mananahan sa Jerusalem sa kaniyang kamatayan. At si Manases na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**33** Si Manases ay may labing dalawang taon ng siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing limang puot limang taon sa Jerusalem. **2** At siya'y gumawa ng masama sa paningin ng PANGINOON, ayon sa mga kasuklamsuklam ng mga walang Dios, na pinalayas ng PANGINOON sa harap ng mga anak ng Israel. **3** Sapagka't kaniyang itinayo uli ang mga mataas na lugar na iginiba ni Hezekias na kaniyang ama: at siya'y nagtingid ng mga altar para sa mga Baal at gumawa ng mga Ashera, at sumampa sa lahat ng hukbo sa langit, at naglingkodsa kanila. **4** At siya'y nagtayo ng mga altar sa bahay ng PANGINOON, na pingasabihan ng PANGINOON: Sa Jerusalem ay malalagay ang aking pangalan magpakailan man. **5** At siya'y nagtayo ng mga altar para sa lahat ng hukbo sa langit sa dalawang looban ng bahay ng PANGINOON. **6** Kaniya namang pinaraan ang kaniyang mga anak sa apoy sa libis ng anak ni Hinon: at siya'y gumamit ng pamahiin, at nagsanay ng panghuhula, at gumamit ng pangagaway, at nakipagsangonian sa mga may mga espiritu pitoniko, at sa mga



magiko: siya'y gumawa ng maraming kasam-an sa paningin ng PANGINOON, upang mungkahiin niya siya sa galit. **7** At siya'y naglagay ng larawan ng idolo na hinichurahan, na kaniyang ginawa, sa bahay ng Dios na pinagsabihan ng Dios kay David, at kay Solomon na kaniyang anak: Sa bahay na ito, at sa Jerusalem na aking pinili sa lahat na mga angkan ng Israel, aking ilagay ang aking pangalan magpakailanman: **8** at hindi ko na babaguhin pa ang paa ng Israel sa lupain na aking itinakda para sa inyong mga magulang; kung kanila lamang tutuparing gawin ang lahat na aking iniutos sa kanila, ang boong kautusan, at ang mga palatuntunan at ang mga ayos, sa pamamagitan ng kamay ni Moises. **9** At iniligaw ni Manases ang Juda at ang mga mananahan sa Jerusalem, na ano pa't sila'y gumawa ng higit na kasam-an kay sa ginawa ng mga nasyon na nilipol ng PANGINOON sa harap ng mga anak ng Israel. **10** At ang PANGINOON ay nagsalita kay Manases, at sa kaniyang bayan: nguni't niwalang bahala nila. **11** Kaya't dinala ng PANGINOON sa kanila ang mga kapitan ng hukbo ng hari sa Asiria, na siyang dinala kay Manases na may tanikala, at mga damal, at nagdala sa kaniya sa Babilonia. **12** At ng siya'y nasa pagkapighati, siya'y dumalangin sa PANGINOON kaniyang Dios, at nagpakumbabang mainam sa harap ng Dios ng kaniyang mga magulang. **13** At siya'y dumalangin sa kaniya; at siya'y dininig, at pinakingan ang kaniyang pamahik, at dinala siya uli sa Jerusalem sa kaniyang kaharian. Ng magkagayo'y nakilala ni Manases na ang PANGINOON ay siyang Dios.

**14** Pagkatapos nga nito ay nagtayo siya ng isang kuta sa labas sa ciudad na David, sa dakong kalunuran ng Gihon, sa libis, hangang sa pasukan sa pintuangdaan ng isda; at kaniyang kinulong ang Ofel, at itinaas ng malaking kataasan: at kaniyang nilagyan ng mga matapang na kapitan ang lahat ng ciudad na nakuku-taan sa Juda. **15** At kaniyang inalis ang mga dios ng iba, at ang idolo sa bahay ng PANGINOON, at ang lahat na altar na kaniyang itinayo sa bundok ng bahay ng PANGINOON, at sa Jerusalem, at mga inihagis mula sa ciudad. **16** At kaniyang itinayo ang altar ng PANGINOON, at naghandog doon ng mga hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan, at mga pasa-

lamat, at inutusan ang Juda na maglingkod sa PANGINOON, sa Dios ng Israel. **17** Gayon may naghayin ang bayan na nagpatuloy sa mga mataas na lugar, nguni't sa PANGINOON lamang na kanilang Dios. **18** Ang iba nga sa mga gawa ni Manases, at ang kaniyang dalangin sa kaniyang Dios, at ang mga salita ng mga tagapagkita na nagsalita sa kaniya sa pangalan ng PANGINOON, ng Dios ng Israel, narito, nangakasulat sa mga gawa ng mga hari ng Israel. **19** Gayon din ang kaniyang panalangin, at kung paanong dininig siya, at ang boo niyang kasalanan at pagsalangsang niya, at ang mga lugar na kaniyang pinagtayuan ng mga mataas na lugar, at itinindig ang mga Ashera at ang mga larawang hinichurahan, bago siya nagpakumbaba: narito, nangakasulat sa buhay ni Hozai. **20** Sa gayo'y natulog si Manases na kasama ng kaniyang mga magulang, at inilibing nila siya sa kaniyang sariling bahay: at si Amon na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**21** Si Amon ay may dalawang puot dalawang taon ng siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing dalawang taon sa Jerusalem. **22** At kaniyang ginawa ang masama sa paningin ng PANGINOON, gaya ng ginawa ni Manases na kaniyang ama: at si Amon ay naghayin sa lahat ng larawang hinichurahan na ginawa ni Manases na kaniyang ama, at naglingkod sa kanila. **23** At siya'y hindi nagpakumbaba sa harap ng PANGINOON, ng gaya ng pagpapakumbaba ni Manases na kaniyang ama: kungdi ang Amon ding ito ay siyang sumalangsang ng higit at higit. **24** At ang kaniyang mga lingkod ay nagbanta laban sa kaniya, at pinatay siya sa kaniyang sariling bahay. **25** Nguni't pinatay ng bayan ng lupain ang lahat na nagbanta laban sa haring Amon; at ginawang hari ng bayan ng lupain si Josias na kaniyang anak na kahalili niya.

**34** Si Josias ay may walong taong gulang ng siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing tatlong puot isang taon sa Jerusalem. **2** At siya'y gumawa ng matuid sa mga mata ng PANGINOON, at lumakad ng mga lakad ni David na kaniyang magulang, at hindi lumiko sa kanan o sa kaliwa. **3** Sapagka't sa ikawalong taon ng kaniyang paghahari, samantalang siya'y bata pa, kaniyang pinasimulang hinatap ang Dios ni David

na kaniyang magulang: at sa ikalabing dalawang taon ay kaniyang pinasimulang nilinis ang Juda at Jerusalem na *inalis* ang mga mataas na lugar, at ang mga Ashera, at ang mga larawang hinichurahan, at ang mga larawang binubo. **4** At kanilang ibinagsak ang mga altar ng mga Baal sa kaniyang harap; at ang mga larawang-araw na nasa ibabaw nila, kaniyang ibinagsak; at ang mga Ashera, at ang mga larawang hinichurahan, at ang mga larawang binubo, ay kaniyang pinagpirapiraso, at inalabok, at pinangalat sa mga libingan ng mga naghayin sa kanila. **5** At sinunog niya ang mga buto ng mga sacerdote sa kanilang mga altar, at nilinis ang Juda at ang Jerusalem. **6** At gayon ang ginawa niya sa mga ciudad ng Manases at Efraim at Simeon, hangang sa Naftali, sa kanilang mga pagkawasak sa palibot. **7** At kaniyang ibinagsak ang mga altar at pinukpok ang mga Ashera at ang mga larawang hinichurahan na inalabok, at iginiba ang lahat na mga larawang-araw sa boong lupain ng Israel, at nagbalik sa Jerusalem.

**8** Sa ikalabing walong taon nga ng kaniyang kaharian, ng kaniyang malinis ang lupain, at ang bahay, kaniyang sinugo si Safan na anak ni Azalias, at si Maaseias na gobernador sa ciudad, at si Joas na anak ni Joahaz na tagapagpaalala, upang husayin ang bahay ng PANGINOONG kaniyang Dios. **9** At sila'y napaaroon kay Hilkias na dakilang sacerdote at ibinigay ang salapi na napasok sa bahay ng Dios, na nakuha ng mga Levita, na mga tagatanod pinto sa pintuan, sa kamay ng Manases at ng Efraim at sa lahat ng labi sa Israel, at sa boong Juda, at Benjamin, at sa mga mananahan sa Jerusalem. **10** At kanilang ibinigay sa kamay ng mga mangagawa na siyang namamahala sa bahay ng PANGINOON; at ibinigay ng mga mangagawa sa bahay ng PANGINOON upang husayin at pagtibayin ang bahay; **11** sa mga anloagi at sa mga mangtatayo ibinigay nila, upang ibili ng mga batong hinichurahan, at ng mga kahoy na panghalang, at upang ipaggawa ng mga sikang para sa mga bahay na giniba ng mga hari sa Juda. **12** At ginawa ng mga lalaki ang gagawin na may pagtatapat: at ang mga tagapamahala ng mga yaon ay si Jahat at si Obadias, na mga Levita, sa mga anak ni Merari; at si Zekarias at si Mesullani, sa mga anak ng mga Koatita, upang ipag-

patuloy: at ang iba sa mga Levita, lahat na bihasa sa mga instrumento ng musika. **13** Nasa mga tagadala ng mga pasan naman sila, at pinamamahalaan ang lahat na gumagawa ng gawa sa sarisaring paglilingkod: at sa mga Levita ay may mga kalihim, at mga oficial, at mga tagatanod pinto. **14** At ng kanilang ilabas ang salapi na napasok sa bahay ng PANGINOON, nasumpungan ni Hilkias na sacerdote ang libro ng kautusan ng PANGINOON na ibinigay sa pamamagitan ni Moises. **15** At si Hilkias ay sumagot, at nagsabi kay Safan na kalihim: Aking nasumpungan ang libro ng kautusan sa bahay ng PANGINOON. At ibinigay ni Hilkias ang libro kay Safan. **16** At dinala ni Safan ang libro sa hari, at bukod dito'y nagbalik ng salita ang hari, na sinabing: Lahat na nabilin sa iyong mga lingkod, kanilang ginagawa. **17** At kanilang tinuyo ang salapi na nasumpungan sa bahay ng PANGINOON, at ibinigay sa kamay ng mga tagapamahala, at sa kamay ng mga mangagawa. **18** At sinaysay ni Safan na kalihim sa hari, na sinabing: Si Hilkias na sacerdote ay nagbigay sa akin ng isang libro. At binasa ni Safan sa harap ng hari. **19** At nangyari, ng marinig ng hari ang mga salita ng kautusan, na kaniyang hinapak ang kaniyang mga suot. **20** At ang hari ay nag-utos kay Hilkias, at kay Ahikam na anak ni Safan, at kay Abdon na anak ni Mika, at kay Safan na kalihim, at kay Asayas na lingkod ng hari, na nagsabing: **21** Kayo'y yumaon, ipag-usisa ninyo ako sa PANGINOON, at silang naiwan sa Israel, at sa Juda, tungkol sa mga salita ng libro na nasumpungan: sapagka't malaki ang pag-iinit ng PANGINOON na nabuhos sa atin, sapagka't hindi iningatan ng ating mga magulang ang salita ng PANGINOON, upang gawin ayon sa lahat na nasusulat sa librong ito. **22** Sa gayo'y si Hilkias at silang pinag-utusan ng hari, napaaroon kay Hulda na profetisa, na asawa ni Sal-lum na anak ni Tokat, na anak ni Hasra, na tagapamahala ng kasuotan; (siya nga'y tumaban sa Jerusalem sa ikalawang bahagi); at kanilang sinabi sa kaniya na gayong paraan. **23** At sinabi niya sa kanilang: Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel: Sagsayin ninyo sa lalaki na nagsungo sa inyo sa akin. **24** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, ako'y magdadala ng kasam-an sa lugar na ito, at sa mga mananahan dito,

lahat ng sumpa na nakasulat sa libro na kanilang nabasa sa harap ng hari sa Juda: **25** sapagka't kanilang pinabayaan ako, at nagsunog ng kamanyan sa ibang mga dios, upang ipamungkahi nila ako sa galit, ng lahat na gawa ng kanilang mga kamay; kaya't ang aking pag-iinit ay nabuhos sa lugar na ito, at hindi mapapatay. **26** Nguni't sa hari sa Juda, na nagsugo sa inyo upang mag-usisa sa PANGINOON, ganito ang sasabihin ninyo sa kaniya: Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel: Tungkol sa mga salita na iyong narinig, **27** sapagka't ang iyong puso ay malambot, at ikaw ay nagpakababa sa harap ng Dios ng iyong marinig ang kaniyang mga salita laban sa lugar na ito, at laban sa mga mananahan dito; at ikaw ay nagpakababa sa harap ko, at hinapak mo ang iyong mga suot, at umiyak sa harap ko; dininig naman kita, sabi ng PANGINOON. **28** Narito, ipipisan kita sa iyong mga magulang, at ikaw ay mapipisan sa iyong libingan na payapa, at hindi makikita ng iyong mga mata ang lahat na kasamanan na aking dadalhin sa lugar na ito, at sa mga mananahan dito. At sila'y nagbalik ng salita sa hari.

**29** Ng magkagayo'y nagsugo ang hari at pinisan ang lahat na matanda sa Juda at sa Jerusalem. **30** At sumampa ang hari sa bahay ng PANGINOON, at ang lahat na lalaki sa Juda, at ang mga mananahan sa Jerusalem, at ang mga sacerdote, at ang mga Levita, at ang boong bayan, malaki at gayon din ang maliit: at kaniyang binasa sa kanilang mga pakinig ang lahat na salita ng libro ng tipan na nasumpungan sa bahay ng PANGINOON. **31** At ang hari ay tumayo sa kaniyang lugar, at gumawa ng tipan sa harap ng PANGINOON, upang lumakad ng ayon sa PANGINOON, at upang ingatan ang kaniyang mga utos, at ang kaniyang mga patotoo, at ang kaniyang mga palatuntunan, ng boong puso niya, at ng boong kalulua niya, upang tuparin ang mga salita ng tipan na nasusulat sa librong ito. **32** At kaniyang itinatang ang tipan sa lahat na nasumpungan sa Jerusalem at Benjamin. At ginawa ng mga mananahan sa Jerusalem ang ayon sa tipan ng Dios, ng Dios ng kanilang mga magulang. **33** At inalis ni Josias ang lahat na kasuklamsuklam sa lahat ng lupain na ukol sa mga anak ng Israel, at pinapaglingkod ang lahat na nasusum-

pungan sa Israel, upang maglingkod sa PANGINOONG kanilang Dios. Lahat ng mga kaarawan niya ay hindi sila humiwalay sa pagsunod sa PANGINOON, sa Dios ng kanilang mga magulang.

**35** At ipinagdiwang ni Josias ang isang paskua sa PANGINOON sa Jerusalem: at kanilang pinatay ang *cordero ng paskua* sa ikalabing apat ng unang buan. **2** At inilagay niya ang mga sacerdote sa kanilang mga katungkulan, at mga pinatapang sa paglilingkod sa bahay ng PANGINOON. **3** At sinabi niya sa mga Levita na nagturo sa boong Israel, na mga santo sa PANGINOON: Ilagay ninyo ang santong kaban sa bahay na itinayo ni Solomon na anak ni David na hari sa Israel; hindi na magkakaroon pa ng pasan sa inyong mga balikat: maglingkod nga kayo sa PANGINOONG inyong Dios, at sa kaniyang bayang Israel. **4** At magsihanda kayo ayon sa mga bahay ng inyong mga magulang ayon sa inyong mga pagkakabahagi, ayon sa sulat ni David na hari sa Israel, at ayon sa sulat ni Solomon na kaniyang anak. **5** At tumayo kayo sa santong lugar ayon sa mga pagkakabahagi ng mga bahay ng mga magulang ng inyong mga kapatid na mga anak ng bayan, at *maging para sa bawat isa'y isang bahagi ng bahay ng mga magulang ng mga Levita.* **6** At patayin ninyo ang *cordero ng paskua*, at mangagpakasanto kayo, at ibanda ninyo sa inyong mga kapatid, upang gumawa ng ayon sa salita ng PANGINOON sa pamamagitan ng kamay ni Moises. **7** At si Josias ay nagbigay sa mga anak ng bayan, sa kawan, ng mga *cordero* at ng mga anak ng kambing, lahat ng yaon ay para sa mga handog sa paskua, sa lahat na nakaharap, sa bilang na tatlong puong libo, at tatlong libo na baka: ang mga ito'y mga pag-aari ng hari. **8** At ang kaniyang mga pangulo ay nagbigay ng pinakakusang handog sa bayan, sa mga sacerdote, at sa mga Levita. Si Hilkias at si Zekarias at si Jehiel, na mga puno ng bahay ng Dios, nagbigay sa mga sacerdote ng mga pinakahandog sa paskua, na dalawang libo at anim na raang *tupa*, at tatlong daang baka. **9** Si Konanias naman, at si Semaya, at si Nethanel, na kaniyang mga kapatid, at si Hasabias at Jeiel at si Jozabad, na mga puno ng mga Levita, nagbigay sa mga Levita ng mga pinakahandog sa paskua na limang libong *tupa*, at limang daang baka. **10** Sa gayo'y ang paglilingkod ay

nahanda, at ang mga sacerdote ay tumayo sa kanilang lugar, at ang mga Levita ayon sa kanilang mga pagkakabahagi, ayon sa utos ng hari. **11** At kanilang pinatay ang *cordero* ng paskua, at iniwisik ng mga sacerdote ang *dugo*, na tinangap nila sa kanilang kamay, at mga nilalapusan ng mga Levita. **12** At kanilang binago ang mga handog na susunugin, upang kanilang mga ibigay ayon sa mga pagkakabahagi ng mga bahay ng mga magulang ng mga anak ng bayan, upang ihandog sa PANGINOON, gaya ng nakasulat sa libro ni Moises. At gayon ang ginawa nila sa mga baka. **13** At kanilang inihaw ang *cordero* ng paskua sa apoy ayon sa ayos: at ang mga santong handog ay mga niluto sa mga paliok, at sa mga kaldera, at sa mga kawali, at mga dinalang madali sa lahat na mga anak ng bayan. **14** At pagkatapos ay naghanda sila para sa kanilang sarili, at para sa mga sacerdote; sapagka't ang mga sacerdote na mga anak ni Aaron ay natalala sa paghahandog ng mga handog na susunugin, at ng taba hangang sa kinagabihan: kaya't ang mga Levita ay naghanda para sa kanilang sarili, at para sa mga sacerdote na mga anak ni Aaron. **15** At ang mga mang-aawit na mga anak ni Asaf, ay nasa kanilang lugar, ayon sa utos ni David, at ni Asaf, at ni Heman, at ni Jedutun na tagapagkita ng hari; at ang mga tagatano pinto ay nasa baw't pintuang-daan: sila'y hindi nagkakailangang umalis sa kanilang paglilingkod, sapagka't ipinaghabanda sila ng kanilang mga kapatid na mga Levita. **16** Sa gayo'y ang lahat na paglilingkod sa PANGINOON ay nahanda ng araw ding yaon, upang ipagdiwang ang paskua, at upang maghandog ng mga handog na susunugin sa ibabaw ng altar ng PANGINOON, ayon sa utos ng haring Josias. **17** At ang mga anak ng Israel na nangakaharap ay nagdiwang ng paskua ng panahong yaon, at ng kapistahan ng tinapay na walang lewadura na pitong araw. **18** At hindi nagkaroon ng paskua na gaya ng ipinagdiwang na yaon sa Israel mula sa mga araw ni Samuel na profeta; at hindi nagdiwang ang sino man sa mga hari sa Israel ng gayong paskua na gaya ng ipinagdiwang ni Josias, at ng mga sacerdote, at ng mga Levita, at ng boong Juda at Israel na nangakaharap, at ng mga mananahan sa Jerusalem. **19** Ng ikalabing walong taon ng paghahari ni Josias ay ipinagdiwang ang paskuang ito.

**20** Pagkatapos ng lahat ng ito, ng maihanda ni Josias ang templo, si Neko na hari sa Egipto ay sumampa upang bumaka laban sa Karkemis sa siping ng Eufrates: at si Josias ay lumabas laban sa kaniya. **21** Ngunit siya'y nagsugo ng mga sugo sa kaniya, na nagsabing: *A-nong aking ipakikialam sa iyo, ikaw na hari sa Juda? ako'y hindi napanaririto laban sa iyo sa araw na ito, kungdi laban sa bahay na pinagkakaroonan ko ng pagbabaka; at iniutos sa akin ng Dios na ako'y magmadali: iwan mo ang pakikipagbaka sa Dios, na sa akin nga, upang huag ka niyang gibain.* **22** Gayon ma'y hindi itinalikod ni Josias ang kaniyang mukha sa kaniya, kungdi nagpakunuarang-iba, upang siya'y makipagbaka sa kaniya, at hindi dininig ang salita ni Neko, na mula sa bibig ng Dios, at napanaririto laban sa libis ng Megido. **23** At pinana ng mga mamamana si Josias; at sinabi ng hari sa kaniyang mga lingkod: *Ilabas ninyo ako; sapagka't ako'y nasugatan ng mabigat.* **24** Sa gayo'y inialis siya ng kaniyang mga lingkod sa karro, at inilagay siya sa ikalawang karro, na kaniyang dala, at dinala siya sa Jerusalem; at siya'y namatay, at nalibing sa mga libingan ng kaniyang mga magulang. At ang boong Juda at Jerusalem ay tumangis kay Josias. **25** At tinaghuyan ni Jeremias si Josias; at ang lahat na mang-aawit na lalaki at babaye ay nagsalita tungkol kay Josias sa kanilang mga panaghoy hangang sa araw na ito; at sila'y gunawa ng ayos sa Israel; at, narito, nangasusulat sa mga panaghoy. **26** Ang iba nga ng mga gawa ni Josias, at ng kaniyang mga mabuting gawa, ayon sa nakasulat sa kautusan ng PANGINOON, **27** at ang kaniyang mga gawa, na una at huli, narito nangasusulat sa libro ng mga hari sa Israel at Juda.

**36** Ng magkagayo'y kinuha ng bayan ng lupain si Jehoahaz na anak ni Josias at ginawa siyang hari na kahalili ng kaniyang ama sa Jerusalem. **2** Si Jehoahaz ay may dalawang puo't tatlong taon ng siya'y magpasimulang maghari; at siya'y naghari na tatlong buan sa Jerusalem. **3** At itinakuil ng hari sa Jerusalem siya sa Jerusalem, at pinabuis ang lupain ng isang daang talento na pilak at ng isang talentong ginto. **4** At inihalal na hari sa Juda at sa Jerusalem ng hari sa Egipto si Eliakim na kaniyang kapatid, at pinalitan ang kaniyang pangalan ng Jeho-

iakim. At kinuha ni Neko si Joahaz na kaniyang kapatid, at dinala niya siya sa Egipto.

5 Si Jehoiakim ay may dalawang puo't limang taon ng siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing labing isang taon sa Jerusalem: at siya'y gumawa ng masama sa paningin ng PANGINOONG kaniyang Dios. 6 Laban na kaniya ay sumampag sa Nebukadnezar na hari sa Babilonia, at tinanikalaan siya, upang dalhin siya sa Babilonia. 7 Si Nebukadnezar ay nagdala naman ng mga sisidlan ng bahay ng PANGINOON sa Babilonia, at mga inilagay sa kaniyang templo sa Babilonia. 8 Ang iba nga ng mga gawa ni Jehoiakim, at ng kaniyang mga kasuklamsuklam na kaniyang ginawa, at ang nasumpungan sa kaniya, narito, nasusulat sa libro ng mga hari sa Israel at Juda: at si Jehoiakim na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

9 Si Jehoiakin ay may walong taong gulang ng siya'y magpasimulang maghari: at siya'y nagharing tatlong buan at sampuung araw sa Jerusalem: at siya'y gumawa ng masama sa paningin ng PANGINOON. 10 At sa pagbalik ng taon, si Nebukadnezar ay nagbugo, at dinala siya sa Babilonia, sampu ng mga mainam na sisidlan ng bahay ng PANGINOON, at ginawang hari si Zedekias na kaniyang kapatid sa Juda at Jerusalem.

11 Si Zedekias ay may dalawang puo't isang taong gulang ng siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing labing isang taon sa Jerusalem: 12 at siya'y gumawa ng masama sa paningin ng PANGINOONG kaniyang Dios; siya'y hindi nagpakababa sa harap ni Jeremias na profeta na *nagsalita* ng galing sa bibig ng PANGINOON. 13 At siya nama'y nanghimagsik laban sa haring Nebukadnezar, na siyang nagpanggap sa kaniya sa *pangalan* ng Dios: nguni't pinatigas niya ang kaniyang leeg at pinatigas niya ang kaniyang puso sa pagbalik sa PANGINOON, sa Dios ng Israel. 14 Bukod dito'y lahat ng mga puno ng mga sacerdote, at ang bayan, ay sumalangsang na mainam ayon sa lahat na kasuklamsuklam ng mga walang Dios; at kanilang inihawa ang bahay ng PANGINOON na kaniyang pisapaging santo sa Jerusalem. 15 At ang PANGINOON, ang Dios ng kanilang mga magulang, nagsugo sa kanila

sa pamamag-itan ng kaniyang mga sugo, na gumising na maaga at nagsugo; sapagka't siya'y nagkaroon ng habag sa kaniyang bayan, at sa kaniyang talanang lugar: 16 nguni't kanilang tinuya ang mga sugo ng Dios, at niwalang kabuluhan ang kaniyang mga salita, at dinusta ang kaniyang mga profeta hangang sa ang pag-iinit ng PANGINOON ay nagbangon laban sa kaniyang bayan hangang sa nawalan ng kagamutan. 17 Kaya't dinala niya sa kanila ang hari ng mga Kaldeo, na siyang pumatay ng kaniyang mga binata sa pamamag-itan ng tabak sa bahay ng kanilang santuario, at hindi nagkaroon ng habag sa binata o dalaga, sa matanda o sa magulang: ibinigay niya silang lahat sa kaniyang kamay. 18 At lahat ng kasangkapan ng bahay ng Dios, malaki at maliit, at ang mga kayamanan ng bahay ng PANGINOON, at ang mga kayamanan ng hari, at ng kaniyang mga pangulo; lahat ng ito'y dinala niya sa Babilonia. 19 At sinunog nila ang bahay ng Dios, at ibinagsak ang kuta ng Jerusalem, at sinunog ang lahat na mga palacio niya ng apoy, at giniba ang lahat na mainam na sisidlan niya. 20 At ang mga nakataanan sa tabak, dinala niya sa Babilonia; at mga naging alipin niya at ng kaniyang mga anak hangang sa paghahari ng kaharian ng Persia: 21 upang ganapin ang salita ng PANGINOON sa pamamag-itan ng bibig ni Jeremias, hangang sa ang lupain ay nagalak sa kaniyang mga sabado: *sapagka't* habang giba ay kaniyang ipinagdidiwang ang sabado, upang ganapin ang pitong puong taon.

22 Ng unang taon nga ni Cyrus na hari sa Persia, upang ang salita ng PANGINOON sa pamamag-itan ng bibig ni Jeremias ay maganap, kinilos ng PANGINOON ang espirit ni Cyrus na hari sa Persia, na siya'y gumawa ng pahayag sa kaniyang boong kaharian, at isulat din naman, na sabihing: 23 Ganito ang sabi ni Cyrus na hari sa Persia: Lahat ng kaharian sa lupa ay ibinigay sa akin ng PANGINOON, ng Dios ng langit; at kaniyang binilinan ako na ipagtayo siya ng isang bahay sa Jerusalem, na nasa Juda. Sino mang mairoon sa inyo sa boong kaniyang bayan, sumakaniya ang PANGINOONG kaniyang Dios, at sumampa siya.

# EZRA.

**1** Ng unang taon nga ni Cyrus na hari sa Persia, upang ang salita ng PANGINOON sa pamamag-itan ng bibig ni Jeremias ay matupad, kinilos ng PANGINOON ang espiritu ni Cyrus na hari sa Persia, na siya'y gumawa ng pahayag sa kaniyang boong kaharian, at isulat din naman, na sabihing: **2** Ganito ang sabi ni Cyrus na hari sa Persia: Ibinigay sa akin ng PANGINOON, ng Dios ng langit, ang lahat na kaharian sa lupa; at ibinilin niya sa akin na ipagtayo ko siya ng isang bahay sa Jerusalem, na nasa Juda. **3** Sino man sa inyo sa kaniyang boong bayan, sumakaniya ang kaniyang Dios, at sumampa siya sa Jerusalem, na sa Juda, at itayo ang bahay ng PANGINOON, ng Dios ng Israel, (siya'y Dios,) na nasa Jerusalem. **4** At sino mang naiwan sa alin mang lugar na kaniyang pinangngibahang bayan, tulungan siya ng mga lalaki sa kaniyang lugar ng pilak, at ng ginto, at ng mga pag-aari, at ng mga hayop, bukod sa kusang handog para sa bahay ng Dios na nasa Jerusalem. **5** Ng magkagayo'y nagbangon ang mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang ng Juda at Benjamin, at ang mga sacerdote, at ang mga Levita, lahat na ang espiritu ay kinilos ng Dios na sumampa na ipagtayo ng bahay ang PANGINOON na nasa Jerusalem. **6** At lahat na nasa palibot nila ay pinatibay ang kanilang mga kamay ng mga sisidlang pilak, ng ginto, ng mga pag-aari, at ng mga hayop, at ng mga mahalagang bagay, bukod sa lahat na kusang inihandog. **7** Inilabas din naman ni Cyrus na hari ang mga sisidlan ng bahay ng PANGINOON, na inilabas ni Nebukadnezar sa Jerusalem, at mga inilagay sa bahay ng kaniyang mga dios; **8** ang mga yaon na inilabas ni Cyrus na hari sa Persia sa pamamag-itan ng kamay ni Mitredat na kajero, at mga binilang kay Sesbazar, na pangulo sa Juda. **9** At ito ang bilang nila: tatlong puong tasa na ginto, at isang libo na tasa na pilak, dalawang puo't siam na sundang; **10** tatlong puong tasang ginto, mga pilak na tasa na ikalawang ayos ay apat na raan at sampuo, at ang ibang mga sisidlan ay

isang libo. **11** Lahat na mga sisidlang ginto at pilak ay limang libo at apat na raan. Ang lahat ng ito ay ipinasampa ni Sesbazar, ng silang sa pagkabihaag ay isampa mula sa Babilonia hangang sa Jerusalem.

**2** Ang mga ito nga ang mga anak ng lalawigan, na sumampa mula sa pagkabihaag sa mga yaon na mga nadala, na dinala sa Babilonia ni Nebukadnezar na hari sa Babilonia, at nangabalik sa Jerusalem at sa Juda, na bawa't isa'y sa kaniyang ciudad; **2** na dumating na kasama ni Zerubabel: si Jesua, si Nehemias, si Seraya, si Reelaya, si Merdekai, si Bilsan, si Mispur, si Bigvai, si Rehum, si Baana. Ang bilang ng mga lalaki ng bayan ng Israel ay ito: **3** ang mga anak ni Paros, dalawang libo't isang daan at pitong puo't dalawa. **4** Ang mga anak ni Sefatias, tatlong daan at pitong puo't dalawa. **5** Ang mga anak ni Arah, pitong daan at pitong puo't lima. **6** Ang mga anak ni Pahath-moab, sa mga anak ni Jesua at ni Joab, dalawang libo't walong daan at labing dalawa. **7** Ang mga anak ni Elam, isang libo't dalawang daan at limang puo't apat. **8** Ang mga anak ni Zatu, siam na raan at apat na puo't lima. **9** Ang mga anak ni Zakai, pitong daan at anim na puo. **10** Ang mga anak ni Bani, anim na raan at apat na puo't dalawa. **11** Ang mga anak ni Bebai, anim na raan at dalawang puo't tatlo. **12** Ang mga anak ni Agad, isang libo at dalawang daan at dalawang puo't dalawa. **13** Ang mga anak ni Adonikam, anim na raan at anim na puo't anim. **14** Ang mga anak ni Bigvai, dalawang libo at limang puo't anim. **15** Ang mga anak ni Adin, apat na raan at limang puo't apat. **16** Ang mga anak ni Ater ni Hezekias, siam na puo't walo. **17** Ang mga anak ni Bezai, tatlong daan at dalawang puo't tatlo. **18** Ang mga anak ni Jora, isang daan at labing dalawa. **19** Ang mga anak ni Hasum ay dalawang daan at dalawang puo't tatlo. **20** Ang mga anak ng Gibar, siam na puo't lima. **21** Ang mga anak ng Bet-lehem, isang daan at dalawang

puo't tatlo. **22** Ang mga lalaki ng Ne-tosa, limang puo't anim. **23** Ang mga lalaki ng Anatot, isang daan at dalawang puo't walo. **24** Ang mga anak ng Az-mavet, apat na puo't dalawa. **25** Ang mga anak ng Kiriat-arim, ng Cefira at ng Beerot, pitong daan at apat na puo't tatlo. **26** Ang mga anak ng Rama at ng Geba, anim na raan at dalawang puo't isa. **27** Ang mga lalaki ng Mikmas, isang daan at dalawang puo't dalawa. **28** Ang mga lalaki ng Bet-el at ng Ai, dalawang daan at dalawang puo't tatlo. **29** Ang mga anak ng Nebo, limang puo't dalawa. **30** Ang mga anak ng Magbis, isang daan at limang puo't anim. **31** Ang anak ng ibang Elam, isang libo't dalawang daan at limang puo't apat. **32** Ang mga anak ni Harim, tatlong daan at dalawang puo. **33** Ang mga anak ng Led, ng Hadid at ng Ono, pitong daan at dalawang puo't lima. **34** Ang mga anak ng Jeriko, tatlong daan at apat na puo't lima. **35** Ang mga anak ni Se:aa, tatlong libo't anim na raan at tatlong puo. **36** Ang mga sacerdote: ang mga anak ni Jedaya, sa bahay ni Jesua, siam na raan at pitong puo't tatlo. **37** Ang mga anak ni Imer, isang libo at limang puo't dalawa. **38** Ang mga anak ni Pasur, isang libo't dalawang daan at apat na puo't pito. **39** Ang mga anak ni Harim, isang libo at labing pito. **40** Ang mga Levita: ang mga anak ni Jesua at ni Kadmiel, sa mga anak ni Hodavias, pitong puo't apat. **41** Ang mga mang-aawit: ang mga anak ni Asaf, isang daan at dalawang puo't walo. **42** Ang mga anak ng mga tagatanod pinto: Ang mga anak ni Sallum, ang mga anak ni Ater, ang mga anak ni Talmon, ang mga anak ni Akub, ang mga anak ni Hatita, ang mga anak ni Sobai, sa lahat ay isang daan at tatlong puo't siam. **43** Ang mga Netinim: ang mga anak ni Ziha, ang mga anak ni Hasufa, ang mga anak ni Tabaot; **44** ang mga anak ni Keros, ang mga anak ni Siah, ang mga anak ni Padon; **45** ang mga anak ni Lebana, ang mga anak ni Hagaba, ang mga anak ni Akub; **46** ang mga anak ni Hagab, ang mga anak ni Samlai, ang mga anak ni Hanan; **47** ang mga anak ni Gidel, ang mga anak ni Gahar, ang mga anak ni Rea-ya; **48** ang mga anak ni Rezin, ang mga anak ni Nekoda, ang mga anak ni Gazam; **49** ang mga anak ni Uzza, ang mga anak ni Pasea, ang mga anak ni Besai; **50** ang

mga anak ni Asna, ang mga anak ni Meu-nim, ang mga anak ni Nefsim; **51** ang mga anak ni Bakbuk, ang mga anak ni Hakufa, ang mga anak ni Harhur; **52** ang mga anak ni Bazlut, ang mga anak ni Mehida, ang mga anak ni Harsa; **53** ang mga anak ni Barkos, ang mga anak ni Sisera, ang mga anak ni Tema; **54** ang mga anak ni Nezia, ang mga anak ni Hatifa. **55** Ang mga anak ng mga lingkod ni Solomon ay: Ang mga anak ni Sotai, ang mga anak ni Haseferet, ang mga anak ni Peruda; **56** ang mga anak ni Jaala, ang mga anak ni Darkon, ang mga anak ni Gidel; **57** ang mga anak ni Sefatias, ang mga anak ni Hatil, ang mga anak ni Pokeret-hazebaim, ang mga anak ni Ami. **58** Lahat ng Netinim, at ng mga anak ng mga lingkod ni Solomon, tatlong daan at siam na puo't dalawa. **59** At ang mga ito ang sumampa mula sa Tel-mela, Tel-harsa, Kerub, Adan at Imer: nguni't hindi nila naihayag ang kanilang mga bahay ng mga magulang, at ang kanilang binhi kung sila'y taga Israel: **60** ang mga anak ni Delaya, ang mga anak ni Tobias, ang mga anak ni Nekoda, anim na raan at limang puo't dalawa. **61** At sa mga anak ng mga sacerdote: Ang mga anak ni Habaias, ang mga anak ni Hakkoz, ang mga anak ni Barzillai, na nag-asawa sa mga anak ni Barzillai na Gileadita, at tinawag ayon sa kanilang pangalan. **62** Ang mga ito ay humanap ng kanilang pangalan sa mga nabilang ayon sa talaan ng lali, nguni't hindi nangasumpungan: kaya't sila'y nabilang na hawa, at naalis sa pagkasacerdote. **63** At sinabi ng Tirshatha sa kanila, na sila'y huag kakain ng mga pinaka-santong bagay, hangang sa tumayo ang isang sacerdote na may Urim at Tumim. **64** Ang boong kapulungang magkakasama ay apat na puo't dalawang libo at tatlong daan at anim na puo, **65** bukod sa kanilang mga aliping lalaki at babaye, sa may pitong libo't tatlong daan at tatlong puo't pito: at sila'y nagkaroon ng dalawang daan na mang-aawit na lalaki at babaye. **66** Ang kanilang mga kabayo ay pitong daan at tatlong puo't anim; ang kanilang mga mula ay dalawang daan at apat na puo't lima; **67** ang kanilang mga kamello, apat na raan at tatlong puo't lima; ang kanilang mga asno, anim na libo't pitong daan at dalawang puo. **68** At ang ilan sa mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang, ng sila'y duma-

ting sa bahay ng PANGINOON na nasa Jerusalem, naghandog na kusa para sa bahay ng Dios, upang itayo sa kaniyang lugar: **69** sila'y nagbigay ayon sa kanilang kaya sa ingatang-yaman ng gagawin, na anim na puot isang libo na dariko na ginto, at limang libong librang pilak, at isang daan na bihisan ng mga sacerdote. **70** Gayon ang mga sacerdote, at ang mga Levita, at ang iba sa bayan, at ang mga mang-aawit, at ang mga tagatanod pinto, at ang mga Netinin, tumahan sa kanilang mga ciudad, at ang boong Israel ay sa kanilang mga ciudad.

**3** At ng ang ikapitong buan ay dumating, at ang mga anak ng Israel ay nasa mga ciudad, ang bayan ay nagpispisan na parang isang lalaki sa Jerusalem.

**2** Ng magkagayo'y tumayo si Jesua na anak ni Jozadak, at ang kaniyang mga kapatid na mga sacerdote, at si Zerubabel na anak ni Sealtiel at ang kaniyang mga kapatid, at itinayo ang altar ng Dios ng Israel, upang paghandugan ng mga handog na susunugin, gaya ng nakasulat sa kautusan ni Moises, na lalaki ng Dios.

**3** At ipinatong nila ang altar sa tungtungan niya; sapagka't ang takot ay sumakanila dahil sa bayan ng mga lupain: **4** kanilang pinaghandugan ng mga handog na susunugin sa PANGINOON, mga handog na susunugin sa umaga't hapon.

**4** At kanilang ipinagdiwang ang kapistahan ng mga tabernakulo, gaya ng nakasulat, at naghandog ng mga handog na susunugin sa araw araw ayon sa bilang, ayon sa ayos, gaya ng katungkulang kinakailangan sa baw't araw; **5** at pagkatapos ng palaging handog na susunugin, at ng mga handog sa mga bagong buan, at ng lahat na takdang kapistahan sa PANGINOON na mga itinalaga, at ng lahat na naghandog na kusa ng kusang handog sa PANGINOON. **6** Mula sa unang araw ng ikapitong buan, nagpasimula sila na naghandog ng mga handog na susunugin sa PANGINOON: ngunit ang cimientong templo ng PANGINOON ay hindi pa nalalagay. **7** Sila'y nagbigay naman ng salapi sa mga manghibichura ng bato, at sa mga anloagi; at pagkain, at inumin, at langis, sa kanilang sa Zidon, at sa kanilang sa Tiro, upang magdala ng mga kahoy na cedro na mula sa Lebano na paraamin sa dagat, hangang sa Joppa, ayon sa pahintulot na nagkaroon sila kay Cyrus na hari sa Persia.

**8** Ng ikalawang taon nga ng kanilang

pagparoon sa bahay ng Dios sa Jerusalem, sa ikalawang buan, nagpasimula si Zerubabel na anak ni Sealtiel, at si Jesua na anak ni Jozadak, at ang nalabi sa kanilang mga kapatid na mga sacerdote at mga Levita, at silang lahat na napasasa Jerusalem na mula sa pagkabiha; at inihalal ang mga Levita, mula sa dalawang puong taong gulang, hangang sa kalandatandaan, upang magkaroon ng pamamahala sa gawa sa bahay ng PANGINOON. **9** Ng magkagayo'y tumayo si Jesua na kasama ng kaniyang mga anak, at ng kaniyang mga kapatid, ni Kadmiel at ng kaniyang mga anak, ng mga anak ni Juda, na magkakasama, upang magkaroon ng pamamahala sa mga mangagawa sa bahay ng Dios: at ang mga anak ni Hensadad, na kasama ng kaniyang mga anak at mga kapatid na mga Levita. **10** At ng ilagay ng mga mangtatayo ang cimientong templo ng PANGINOON, kanilang inilagay ang mga sacerdote sa kanilang bihisan, na may mga pakakak, at ang mga Levita na mga anak ni Asaf na may mga cimbalong, upang pumuri sa PANGINOON, ayon sa ayos ni David na hari sa Israel. **11** At sila'y nag-awitang isa't isa sa pagpuri at pagpapasalamat sa PANGINOON, na nagsasabing: Sapagka't siya'y mabuti, sapagka't ang kaniyang habag ay magpakailan man sa Israel. At ang boong bayan ay sumutsot ng malakas na sutset, ng sila'y punupuri sa PANGINOON, sapagka't ang cimientong bahay ng PANGINOON ay nalagay. **12** Ngunit marami sa mga sacerdote, at mga Levita, at mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang, ang mga matanda na nakakita ng unang bahay, ng ang cimientong bahay na ito ay malagay sa harap ng kanilang mga mata, umiyak ng malakas na voces; at marami ay sumutsot ng malakas dahil sa kagalakan: **13** na ano pa't hindi makilala ng bayan ang ingay ng sutset ng kagalakan sa ingay ng iyak ng bayan: sapagka't ang bayan ay sumutsot ng malakas na sutset, at ang ingay ay narinig sa malayo.

**4** Ng marinig nga ng mga kaaway ng Juda at Benjamin na ang mga anak sa pagkabiha ay nagtatayo ng templo sa PANGINOON, sa Dios ng Israel; **2** lumapit nga sila kay Zerubabel, at sa mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang, at nagsabi sa kanilang: Papagtayuin ninyo kami na kasama ninyo: sapagka't aming hinahanap ang inyong Dios, na



gaya ng inyong ginagawa; at kami ay naghahayin sa kaniya mula sa mga kaarawan ni Esar-hadon na hari sa Asiria, na nagsampa sa amin dito. **3** Nguni't si Zerubabel, at si Jesua, at ang nalabi sa mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang sa Israel, nagsabi sa kanilang: Kayo'y walang ipakikialam sa amin sa pagtatayo ng isang bahay sa aming Dios; kungdi kami sa aming sarili na magkakasama ay aming ipagtatayo ang PANGINOON, ang Dios ng Israel, gaya ng iniutos sa amin ni Cyrus na hari sa Persia. **4** Ng magkagayo'y pinahina ng bayan ng lupain ang mga kamay ng bayan ng Juda, at binagabag sila sa pagtatayo, **5** at umupa ng mga taga payo laban sa kanila, upang sayangin ang kanilang akala, sa lahat ng kaarawan ni Cyrus na hari sa Persia, hangang sa paghahari ni Darius na hari sa Persia. **6** At sa paghahari ni Ahasuerus, sa pasimula ng kaniyang paghahari, sumulat sila ng isang sumbong laban sa mga mananahan sa Juda at Jerusalem.

**7** At sa mga kaarawan ni Artaxerxes, sumulat si Bislam, si Mitredat, si Tabeel at ang nalabi sa kaniyang mga kasama kay Artaxerxes na hari sa Persia; at ang pagkasulat ng sulat ay nasusulat ng sulat Syriaka, at ang laman noon ay wikang Syriaka. **8** Si Rehun na punong hukom at si Simsai na kalihim, sumulat ng isang sulat laban sa Jerusalem kay Artaxerxes na hari ng ganitong paraan: **9** ng magkagayo'y sumulat si Rehun na punong hukom at si Simsai na kalihim, at ang nalabi sa kanilang mga kasama; ang mga Dinaita, at ang mga Afarsakita, ang mga Tarpelita, ang mga Afarsita, ang mga Arkevita, ang mga Babilonio, ang mga Susankita, ang mga Dehaita, ang mga Elamita, **10** at ang nalabi sa mga nacion na itinawid ng dakila-at marangal na si Osnapar, at inilagay sa ciudad ng Samaria, at sa nalabi sa lupain na nasa dako roon ng ilog, at sa iba pa. **11** Ito ang salin ng sulat na kanilang ipinadala kay Artaxerxes na hari: Angiyong mga alipin na mga lalaki sa dako roon ng ilog, at sa iba pa. **12** Makilala ng hari, na ang mga Judio na sumampa na galing sa iyo ay naparoon sa amin sa Jerusalem; kanilang itinatayo ang mapanghimagsik at masamang ciudad, at natapos ang mga kuta, at isinauli ang mga cimiento. **13** Makilala ngayon ng hari, na, kung ang ciudad na ito ay matayo, at ang mga kuta ay matapos, sila'y hindi magbabayad ng

buis, kabayaran, o singil, at sa wakas ay ikapapahamak ng mga hari. **14** Sapagka't aming kinakain nga ang asin sa palacio, at hindi marapat sa amin na aming tingnan ang kapulaan sa hari, kaya't kami ay nagsugo at nagpatotoo sa hari; **15** upang ang paghanap ay magawa sa libro ng mga alaala sa iyong mga magulang: sa gayo'y iyong masusumpungan sa libro ng mga alaala, at malalaman na ang ciudad na ito ay mapanghimagsik na ciudad, at mapangpahamak sa mga hari at mga lalawigan, at sila'y kumilos ng pagbabanta doon ng unang panahon: na siyang ikinigiba ng ciudad na ito. **16** Aming pinatotohanan sa hari na, kung ang ciudad na ito ay matayo, at ang mga kuta ay matapos, sa paraang ito ay hindi ka magkakaroon ng bahagi sa dako roon ng ilog. **17** Ng magkagayo'y nagsugo ang hari ng sagot kay Rehun na punong hukom, at kay Simsai na kalihim, at sa mga nalabi sa kanilang mga kasama na tumatahan sa Samaria, at sa nalabi sa lupain sa dako roon ng ilog: Kapayapaan, at iba pa. **18** Ang sulat na inyong ipinadala sa amin, ay nabasa na malinaw sa harap ko. **19** At ako'y nagpasiya, at ang paghanap ay nagawa at nasumpungan na ang ciudad na ito ng una ay gumawa ng panghihimagsik laban sa mga hari, at ang panghihimagsik at pagbabanta ay nagawa doon. **20** Nagkaroon naman doon ng mga makapangyarihang hari sa Jerusalem, na nagpuno sa buong lupain sa dako roon ng ilog; at buis, kabayaran, at singil, ay nabayad sa kanila. **21** Magpasiya kayo ngayon na inyong patigilin ang mga tawong ito, at upang ang ciudad na ito ay huag matayo, hangang sa ang pasiya ay magawa ko. **22** At kayo'y mag-ingat na huag kayong magpakahangal dito: bakit ang pagkapahamak ay tutubo sa ikapapahamak ng mga hari? **23** Ng mabasa nga ang salin ng sulat ng haring Artaxerxes sa harap ni Rehun, at ni Simsai na kalihim, at ng kanilang mga kasama, sila'y nagmadaling naparoon sa Jerusalem sa mga Judio, at mga pinatigil nila sa pamamagitan ng lakas at kapangyarihan. **24** Ng magkagayo'y natigil ang gawa sa bahay ng Dios na nasa Jerusalem; at natigil hangang sa ikalawang taon ng paghahari ni Darius na hari sa Persia.

**5** Ang mga profeta nga, si Haggai na profeta, at si Zekarias na anak ni Iddo, nanghula sa mga Judio na nasa Juda at Jerusalem; sa pangalan ng Dios

ng Israel ay nanghula sila sa kanila. **2** Ng magkagayo'y nagbangon si Zerubabel na anak ni Sealtiel, at si Jesua na anak ni Jozadak, at pinasimulang itinayo ang bahay ng Dios na nasa Jerusalem; at kasama nila ang mga profeta ng Dios, na tumutulong sa kanila. **3** Ng panahon ding yaon ay naparoon sa kanila si Tatenai, na gobernador sa dako roon ng ilog, at si Setar-bozenai, at ang kanilang mga kasama, at nagsabi ng ganito sa kanilang: ; Sinong nagbigay sa inyo ng pasiya upang itayo ang bahay na ito, at yariin ang kutang ito? **4** Ng magkagayo'y nagsalita kami sa kanila ng ganitong paraan: ; Ano ang mga pangalan ng mga tawo na gumawa ng bahay na ito? **5** Nguni't ang mata ng kanilang Dios ay nasa mga matanda ng mga Judio, at hindi nila pinatigil, hangang sa ang bagay ay dumating kay Darius, at ng magkagayo'y ang sagot ay nabalik sa pamamagitan ng sulat tungkol doon.

**6** Ang salin ng sulat na ipinadala ni Tatenai, na gobernador sa dako roon ng ilog at ni Setar-bozenai, at ng kaniyang mga kasama na mga Afarsakita, na nasa dako roon ng ilog, kay Darius na hari: **7** sila'y nagpadala ng isang sulat sa kaniya, na kinasusulatan ng ganito; Kay Darius na hari, boong kapayapaan. **8** Makilala ng hari, na kami ay naparoon sa lalawigan ng Juda, sa bahay ng dakilang Dios, na natayo ng mga malaking bato, at mga kahoy ay nalapat sa mga kuta, at ang gagawing ito ay pinagsisikapan at nayayari sa kanilang mga kamay. **9** Ng magkagayo'y tumanong kami sa mga matandang yaon, at nagsabi sa kanila ng ganito: ; Sinong nagbigay sa inyo ng pasiya upang itayo ang bahay na ito at upang yariin ang kutang ito? **10** Aming itinayong naman sa kanila ang kanilang mga pangalan, upang patotobanan sa iyo, upang aming maisulat ang mga pangalan ng mga tawo na nangasa pangulo nila. **11** At ganito sila nagbalik ng sagot sa amin, na nagsabing: Kami ay mga alipin ng Dios ng langit at lupa, at nagtayo ng bahay na natayo na malaong panahon, na itinayo at niyari ng isang dakilang hari sa Israel. **12** Nguni't pagkamungkahì sa pag-aalab ng loob sa Dios ng langit, ng aming mga magulang, mga ibinigay niya sa kamay ni Nebukadnezar na hari sa Babilonia, na Kaldeo, na siyang gumiba ng bahay na ito, at dinala ang bayan sa Babilonia. **13** Nguni't ng

unang taon ni Cyrus na hari sa Babilonia, gumawa ng pasiya si Cyrus na hari na itayo ang bahay na ito ng Dios. **14** At ang ginto at pilak na mga sisidlan naman sa bahay ng Dios na inilabas ni Nebukadnezar sa templo na nasa Jerusalem, at mga dinala sa loob ng templo ng Babilonia, ang mga yaon na inilabas ni Cyrus na hari sa templo ng Babilonia, at mga nabigay sa isa na ang pangalan ay Sesbazar, na siya niyang ginawang gobernador; **15** at sinabi niya sa kaniyang: Kunin mo ang mga sisidlang ito, ikaw ay yumaon, mga ipasok mo sa templo na nasa Jerusalem, at matayo ang bahay ng Dios sa kaniyang lugar. **16** Ng magkagayo'y naparoon ang Sesbazar na yaon, at inilagay ang mga cimientong ng bahay ng Dios na nasa Jerusalem: at mula ng panahong yaon hangang ngayon ay itinatayo, at hindi pa yari. **17** Ngayon nga, kung inakalang mabuti ng hari, gumawa ng paghanap sa silid na ingatang-yaman ng hari, na nandoon sa Babilonia, kung gayon, na nagpapasiya si Cyrus na hari upang itayo ang bahay na ito ng Dios sa Jerusalem, at ipasugo sa amin ng hari ang kaniyang kalooban tungkol sa bagay na ito.

**6** Ng magkagayo'y si Darius na hari ay gumawa ng pasiya, at ang paghanap ay ginawa sa bahay ng mga libro, na kinlalagyan ng mga kayamanan sa Babilonia. **2** At nasumpungan sa Akmeta, sa palacio na nasa lalawigan ng Media, ang isang ikid, at doo'y nakasulat ang ganito na pinakaa-laala. **3** Ng unang taon ni Cyrus na hari, si Cyrus na hari, ay gumawa ng pasiya: Tungkol sa bahay ng Dios sa Jerusalem, matayo ang bahay, ang lugar na kanilang pinaghabandungang ng mga hayin, at malagay na matibay ang mga cimientong; ang taas anim na puong siko, at ang luang anim na puong siko; **4** na may tatlong hanay na mga malaking bato, at isang hanay ng bagong kakoy: at ang magugol ay ibigay ng bahay ng hari: **5** at ang ginto at pilak na mga sisidlan naman ng bahay ng Dios, na inilabas ni Nebukadnezar sa templo na nasa Jerusalem, at dinala sa Babilonia, masauli, at ipasok uli sa templo na nasa Jerusalem, baw't isa'y sa kaniyang lugar, at mangalagay sa bahay ng Dios. **6** Ngayon nga, Tatenai, na gobernador sa dako roon ng ilog, Setar-bozenai, ang inyong mga kasama na mga Afarsakita, na nasa dako roon ng ilog, magsilayo kayo mula roon: **7** paba-

yaan ang gagawin sa bahay na ito ng Dios; itayo ng gobernador ng mga Judio at ng mga matanda ng mga Judio ang bahay na ito ng Dios sa kaniyang lugar. 8 Bukod dito'y gumagawa ako ng pasiya kung ano ang inyong gagawin sa mga matandang ito ng mga Judio para sa pagtatayo ng bahay na ito ng Dios: na sa mga pag-aari ng hari, sa buis sa dako roon ng ilog, ang mga magugugol ay ibigay ng boong sikap sa mga tawong ito upang huag mangagluat. 9 At ang kanilang kailanganin, mga guyang toro, at gayon din ang mga tupa, at mga cordero, para sa mga handog na susunugin sa Dios ng langit, trigo, asin, alak, at langis ayon sa salita ng mga sacerdote na nasa Jerusalem, ibigay sa kanila araw-araw na walang pagsala: 10 upang sila'y makapaghandog ng mga hayin na may masarap na amoy sa Dios ng langit, at idalangin ang buhay ng hari at ng kaniyang mga anak. 11 Ako nama'y gumawa ng pasiya, na sino mang bumago ng salitang ito, humugot ng isang sikang sa kaniyang bahay at mataas siya, at mabitin doon; at ang kaniyang bahay ay maging dumihan dahil dito: 12 at ang Dios na nagpatahan ng kaniyang pangalan doon ay igiba ang lahat na hari at bayan, na mag-unat ng kanilang kamay upang baguhin, upang gibain ang bahay na ito ng Dios na nasa Jerusalem. Akong si Darius ay gumawa ng pasiya: mayari ng boong sikap.

13 Ng magkagayo'y si Tatenai na gobernador sa dako roon ng ilog, si Setarbozenai, at ang kanilang mga kasama, dahil sa ipinasugo ni Darius na hari, ay gumawa ng kaayunan na may boong sikap. 14 At ang mga matanda ng mga Judio ay nagtayo at guminhawa, dahil sa panghuhula ni Haggai na profeta at ni Zekarias na anak ni Iddo. At kanilang itinayari at niyari, ayon sa utos ng Dios ng Israel, at ayon sa pasiya ni Cyrus, at ni Darius, at ni Artaxerxes na hari sa Persia. 15 At ang bahay na ito ay nayari sa ikatlong araw ng buan ng Adar, na nasa ikaanim na taon ng paghahari ni Darius na hari. 16 At ang mga anak ng Israel, ang mga sacerdote, at ang mga Levita at ang mga nalabi sa mga anak sa pagkabi-hag, nagdiwang ng pagtatalaga ng bahay na ito ng Dios na may kagalakan. 17 At sila'y naghandog sa pagtatalaga ng bahay na ito ng Dios ng isang daang baka, dalawang daang lalaking tupa, apat na raang cordero; at para handog dahil sa kasala-

nan para sa boong Israel, labing dalawang lalaking kambing, ayon sa bilang ng mga angkan ng Israel. 18 At kanilang inilagay ang mga sacerdote sa kanilang mga bahagi: at ang mga Levita sa kanilang mga pagkakahalili, para sa paglilingkod sa Dios, na sa Jerusalem; gaya ng nakasulat sa libro ni Moises.

19 At ang mga anak sa pagkabi-hag ay nagdiwang ng paskua sa ikalabing apat ng unang buan. 20 Sapagka't ang mga sacerdote at ang mga Levita ay nangagpakalinis na magkakasama; silang lahat ay malinis: at kanilang pinatay ang cordero ng paskua para sa lahat ng anak sa pagkabi-hag, at para sa kanilang mga kapatid na mga sacerdote, at para sa kanilang sarili. 21 At ang mga anak ng Israel, na nagbalik uli na mula sa pagkabi-hag, at yaong lahat na humiwalay sa kanila mula sa karumihan ng mga walang Dios ng lupain, upang hanapin ang PANGINOON, ang Dios ng Israel, nagsikain, 22 at nagdiwang ng kapistahan ng tinapay na walang lewadura na pitong araw na may kagalakan: sapagka't pinagalak sila ng PANGINOON, at bumalik ang puso ng hari sa Asiria sa kanila, upang palakasin ang kanilang mga kamay sa mga gawa sa bahay ng Dios, ng Dios ng Israel.

7 Pagkatapos nga ng mga bagay na ito, sa paghahari ni Artaxerxes na hari sa Persia, si Ezra na anak ni Seraya, na anak ni Azarias, na anak ni Hilkias, 2 na anak ni Sallum, na anak ni Zadok, na anak ni Ahitub, 3 na anak ni Amarias, na anak ni Azarias, na anak ni Merayot, 4 na anak ni Zerahia, na anak ni Uzzi, na anak ni Buki, 5 na anak ni Abisua, na anak ni Fincas, na anak ni Eleazar, na anak ni Aaron, na dakilang sacerdote: 6 ang Ezra na ito ay yumaon mula sa Babilonia; at siya'y kalihim na bihasa sa kautusan ni Moises, na ibinigay ng PANGINOON, ng Dios ng Israel: at tinulutan siya ng hari sa lahat niyang hingi, ayon sa kamay ng PANGINOONG kaniyang Dios sa kaniya. 7 At sumampa ang iba sa mga anak ng Israel, at sa mga sacerdote, at sa mga Levita, at sa mga mang-aawit, at sa mga tagatanod pinto, at sa mga Netinim, sa Jerusalem, sa ikapitong taon ni Artaxerxes na hari. 8 At siya'y napaaroon sa Jerusalem sa ikalimang buan, na sa ikapitong buan ng hari. 9 Sapagka't sa una ng unang buan ay nagpasimula siyang sumampa mula sa Babilonia, at sa una

ng ikalimang buan ay naparoon siya sa Jerusalem, ayon sa mabuting kamay ng kaniyang Dios sa kaniya. **10** Sapagka't inilagak ni Ezra ang kaniyang puso na hanapin ang kautusan ng PANGINOON, at upang gawin, at upang magturo sa Israel ng mga palatuntunan at mga kahatulan.

**11** Ito nga ang salin ng sulat na ibinigay ng haring Artaxerxes kay Ezra na sacerdote, na kalihim, sa kalihim sa mga salita ng mga utos ng PANGINOON, at ng kaniyang mga palatuntunan sa Israel.

**12** Si Artaxerxes, na hari ng mga hari, kay Ezra na sacerdote, na kalihim sa kautusan ng Dios ng langit, na dakila, at iba pa. **13** Ako'y gumagawa ng pasiya, na silang lahat na sa bayan ng Israel, at ang kanilang mga sacerdote at ang mga Levita, sa aking kaharian, na nag-akala ng kanilang sariling kusa na pumaroon sa Jerusalem, ay sumama sa iyo. **14** Sa paraang ikaw ay sinugo sa ganang hari at ng kaniyang pitong tagapayo, upang mag-uisa tungkol sa Juda at Jerusalem, ayon sa kautusan ng iyong Dios na nasa iyong kamay;

**15** at dalhin ang pilak at ginto na inihandog na kusa ng hari at ng kaniyang mga tagapayo sa Dios ng Israel, na ang tahanan ay nasa Jerusalem, **16** at ang lahat na pilak at ginto na iyong masusumpungan sa boong lalawigan ng Babilonia, sampuo ng kusang handog ng bayan, at ng mga sacerdote, na mga handog na kusa para sa bahay ng kanilang Dios na nasa Jerusalem; **17** kaya't bibili ka ng boong sikap ng salaping ito ng mga toro, mga lalaking tupa, mga cordero, sampuo ng kanilang handog na harina at ng kanilang mga handog na inumin, at mga ihahandog sa ibabaw ng altar ng bahay ng inyong Dios na nasa Jerusalem. **18** At ano mang akalain mong mabuti at ng iyong mga kapatid na gawin sa labis sa pilak at ginto, gawin ninyo ayon sa kalooban ng inyong Dios.

**19** At ang mga sisidlang nabigay sa iyo para sa paglilingkod sa bahay ng iyong Dios, ibigay mo sa harap ng Dios sa Jerusalem. **20** At ano mang kakailanganin pa sa bahay ng iyong Dios, na ipagkakailangan mong ibigay, ibigay mo sa bahay ng kayamanan ng hari. **21** At ako, akong si Artaxerxes na hari, gumagawa ng pasiya sa lahat na mga kajero na nasa dako roon ng ilog, na ano mang

hingin sa inyo ni Ezra na sacerdote, na kalihim sa kautusan ng Dios ng langit, ibigay ng boong sikap, **22** hangang isang daang talentong pilak, at hangang isang daang koro\* na trigo, at isang daang batof ng alak at isang daang bato ng langis, at asin na walang tasa.

**23** Ano mang iniutos ng Dios ng langit, gawing lubos para sa bahay ng Dios ng langit; sapagka't bakit magkakaroon ng pag-aalab ng loob ng Dios laban sa kaharian ng hari at ng kaniyang mga anak?

**24** Pinatotohohan naman namin sa inyo, na tungkol sa sino man sa mga sacerdote at mga Levita, mga mang-aawit, mga tagatanod pinto, mga Netinim, o mga alipin sa bahay na ito ng Dios, ay hindi matuid na lapatan sila ng buis, kabayaran, o singil. **25** At ikaw, Ezra, ayon sa karunungan ng iyong Dios na nasa iyong kamay, maghalal ka ng mga magistrado, at mga hukom, na makakahatol sa boong bayan na nasa dako roon ng ilog, niyaong lahat na nakatatalos ng mga kautusan ng iyong Dios; at turuan ninyo yaong hindi nakakaalam.

**26** At sino mang hindi tumupad ng kautusan ng iyong Dios, at ng kautusan ng hari, gawin sa kaniya ang kaniatulan ng boong sikap, maging sa kamatayan, o sa pagkatapon, o sa pag-samsam ng mga pag-aari, o sa pagkabilango.

**27** Purihin ang PANGINOON, ang Dios ng ating mga magulang, na naglagay ng ganiyang mga bagay na gaya nito sa puso ng hari, upang pagaudahin ang bahay ng PANGINOON na nasa Jerusalem; **28** at nag-angat sa akin ng kababagan sa harap ng hari, at ng kaniyang mga tagapayo, at sa harap ng lahat na makapangyarihang pangulo ng hari. At ako'y tumibay ayon sa kamay ng PANGINOON aking Dios sa akin, at ako'y nagpisan mula sa Israel ng mga punong lalaki upang sumampang kasama ko.

**8** Ito nga ang mga pangulo sa mga bahay ng kanilang mga magulang, at ito ang talaan ng lahi nila na sumampa na kasama ko mula sa Babilonia, sa paghahari ni Artaxerxes na hari. **1** Sa mga anak ni Fineas, si Gersom: sa mga anak ni Itamar, si Daniel: sa mga anak ni David, si Hatus. **2** Sa mga anak ni Sekanias; sa mga anak ni Paros, si Zekarias: at kasama niya na nabilang ayon sa talaan ng lahi ang mga lalaki

\* Koro, ay may limang kaban.

† Bato, ay may labing apat ua salop.

na isang daan at limang puo. **4** Sa mga anak ni Pahat-moab, si Eliehoenai na anak ni Zeraias, at kasama niya'y dalawang daang lalaki. **5** Sa mga anak ni Sekanias, ang anak ni Jahaziel; at kasama niya'y tatlong daang lalaki. **6** At sa mga anak ni Adin, si Ebed na anak ni Jonatan; at kasama niya ay limang puong lalaki. **7** At sa mga anak ni Elam, si Jesaias na anak ni Atalias, at kasama niya'y pitong puong lalaki. **8** At sa mga anak ni Sefatias, si Zebadias na anak ni Mikael; at kasama niya'y walong puong lalaki. **9** Sa mga anak ni Joab, si Obadias na anak ni Jehiel; at kasama niya'y dalawang daan at labing walong lalaki. **10** At sa mga anak ni Selomit, ang anak ni Josifias; at kasama niya'y isang daan at anim na puong lalaki. **11** At sa mga anak ni Bebai, si Zekarias na anak ni Bebai; at kasama niya ay dalawang puo't walong lalaki. **12** At sa mga anak ni Azgad, si Johanan na anak ni Hakatan; at kasama niya ay isang daan at sampuon lalaki. **13** At sa mga anak ni Adonikam, na siyang mga huli; at ang mga ito ang kanilang mga pangalan: Elifelet, Jeuel, at Semaya, at kasama nila ay anim na puong lalaki. **14** At sa mga anak ni Bigvai, ni Utai at ni Zabud; at kasama nila ay pitong puong lalaki.

**15** At pinisan ko sila sa ilog na umagog na patungo sa Ahava; at doo'y nagpahinga kaming tatlong araw; at aking minasdan ang bayan, at ang mga sacerdote, at walang nasumpungan doon sa mga anak ni Levi. **16** Ng magkagayo'y ipinasugo ko si Eliezer, si Ariel, si Semaya, at si Elnatan, at si Jarib, at si Elnatan, at si Natan, at si Zekarias, at si Mesullam, na mga puong lalaki; gayon din si Joiarib, at si Elnatan, na mga tagapagturero. **17** At aking mga sinugo sila kay Iddo na puno sa lugar ng Kasiffa; at aking sinaysay sa kanila kung ano ang kanilang nararapat sabihin kay Iddo, at sa kaniyang mga kapatid na mga Netinim, sa lugar ng Kasiffa, upang sila'y magdala sa atin ng mga tagapamahala para sa bahay ng ating Dios. **18** At ayon sa nabuting kamay ng ating Dios sa atin ay nagdala sila sa atin ng isang lalaki na matalino, sa mga anak ni Mahli, na anak ni Levi, na anak ni Israel; at si Serebias, sampuo ng kaniyang mga anak na lalaki at mga kapatid, labing walo; **19** at si Hasabias, at kasama niya'y si Jesuias sa mga anak ni Merari, ang kani-

lang mga kapatid at kanilang mga anak na lalaki, dalawang puo; **20** at sa mga Netinim, na ibinigay ni David at ng mga pangulo sa paglilingkod sa mga Levita, dalawang daan at dalawang puong Netinim: silang lahat ay nasasaysay ayon sa pangalan. **21** Ng magkagayo'y naghayag ako ng ayuno doon, sa ilog ng Ahava, upang tayo'y magpakababa sa harap ng ating Dios, upang humanap sa kaniya ng matuid na daan, para sa atin, at para sa ating mga bata, at para sa lahat ng ating pag-aari. **22** Sapagka't ako'y nahiyang humingi sa hari ng pulutong ng mga sundalo, at ng mga mangangabayo upang tulungan tayo laban sa mga kaaway sa daan: sapagka't aming sinalita sa hari, na sinabing: Ang kamay ng ating Dios ay nasa kanilang lahat na humahanap sa kaniya, sa ikabubuti; ngunit ang kaniyang kapangyarihan at ang kaniyang pag-aalab ng loob ay laban sa kanilang lahat na nagpapabaya sa kaniya. **23** Sa gayo'y nag-ayuno tayo at namanhik sa ating Dios dahil dito; at pinagkalooban niya tayo. **24** Ng magkagayo'y inihwalay ko ang labing dalawa sa mga puno ng mga sacerdote, si Serebias, si Hasabias, at sampuo sa kanilang mga kapatid na kasama nila, **25** at tinimbang sa kanila ang pilak, at ang ginto, at ang mga sisidlan, ang handog para sa bahay ng ating Dios, na pinaghandugan ng hari, at ng kaniyang mga tagapayo, at ng kaniyang mga pangulo, at ng boong Israel na nakaharap doon: **26** akin ngang tinimbang sa kanilang kamay ay anim na raan at limang puong talento na pilak, at mga pilak na sisidlan ay isang daan na talento; sa ginto ay isang daan talento; **27** at dalawang puong tasa na ginto, na may isang libong dariko; at dalawang sisidlan na pinong makinang na tanso, na mahalagang gaya ng ginto. **28** At sinabi ko sa kanilang: Kayo'y santo sa PANGINGOON, at ang mga sisidlan ay santo; at ang pilak at ang ginto ay kusang handog sa PANGINGOON, na Dios ng inyong mga magulang. **29** Bumantay para, at mga ingatan ninyo, hangang sa inyong mga matimbang sa harap ng mga puno ng mga sacerdote, at ng mga Levita, at ng mga pangulo ng mga bahay ng mga magulang ng Israel, sa Jerusalem, sa mga silid ng bahay ng PANGINGOON. **30** Sa gayo'y tinanggap ng mga sacerdote at ng mga Levita ang timbang ng pilak at ginto, at ng mga sisidlan, upang mga

dalhin sa Jerusalem, sa bahay ng ating Dios.

**31** Ng magkagayo'y yumaon tayo mula sa ilog ng Ahava, ng ikalabing dalawa ng unang buan, upang pumaroon sa Jerusalem: at ang kamay ng ating Dios ay nasa atin, at iniligtas niya tayo sa kamay ng kaaway at sa bumabakay sa daan. **32** At tayo ay naparoon sa Jerusalem, at tumahan doon na tatlong araw. **33** At ng ikaapat na araw, ang pilak, at ang ginto at ang mga sisidlan ay natimbang sa bahay ng ating Dios sa kamay ni Meremet na anak ni Urias na sacerdote; at kasama niya si Eleazar na anak ni Fineas; at kasama nila si Jozabad na anak ni Jesua, at si Nodias na anak ni Binui, na mga Levita; **34** ang kabuonan sa pamamagitan ng bilang, at ng timbang: at lahat ng timbang ay nasulat ng panahong yaon. **35** Ang mga anak sa pagkabiha, na nangaling sa pagkatapon, naghandog ng mga handog na susunugin sa Dios ng Israel, labing dalawang toro para sa buong Israel, siam na puo't anim na lalaking tupa, pitong puo't pitong cordero, labing dalawang kambing na lalaki na pinakahandog dahil sa kasalanan: lahat ng ito'y handog na susunugin sa PANGINOON. **36** At kanilang ibinigay ang mga bilin ng hari sa mga satrapa ng hari, at sa mga gobernador sa dako roon ng ilog: at kanilang tinulungan ang bayan at ang bahay ng Dios.

**9** Ng magawa nga ang mga bagay na ito, ang mga pangulo ay lumapit sa akin, na nagsabing: Ang bayan ng Israel, at ang mga sacerdote, at ang mga Levita, hindi nagsihiwalay sa mga bayan ng mga lupain, na gumagawa ng ayon sa kanilang mga kasuklamsuklam, ang mga Kananeo, ang mga Hiteo, ang mga Perizeo, ang mga Jebuseo, ang mga Ammonita, ang mga Moabita, ang mga taga Egipto, at ang mga Amorreo. **2** Sapagka't kinuha nila ang kanilang mga anak na babaye para sa kanilang sarili, at para sa kanilang mga anak na lalaki; na ano pa't ang santong binhi ay nahalo nga sa bayan ng mga lupain: oo, ang kamay ng mga pangulo at ng mga puon ay naging puon sa pagsalangsang na ito. **3** At ng marinig ko ang bagay na ito, aking hinapak ang aking suot at ang aking balabal, at binaltak ko ang buhok ng aking ulo at ng aking baba, at ako'y naupong natitigilan. **4** Ng magkagayo'y nagpipisan sa akin ang lahat na nangi-

nginig sa mga salita ng Dios ng Israel, dahil sa kanilang mga salangang na sa pagkabiha; at ako'y naupong natitigilan hangang sa pag-aalay sa kinahapunan. **5** At sa pag-aalay sa kinahapunan ay bumangon ako sa aking pagpapakumbaba, na may hapak ang aking suot at ang aking balabal; at ako'y lumohod ng aking mga tuhod, at inuutak ko ang aking mga kamay sa PANGINOONG aking Dios; **6** at aking sinabing: Oh aking Dios: ako'y napahiya at namula na itaas ang aking mukha sa iyo, na aking Dios: sapagka't ang aming mga kasam-an ay lumiago sa aming ulo, at ang aming sala ay tumubo hangang sa mga langit. **7** Mula sa mga kaarawan ng aming mga magulang kami ay naging totoong salarin hangang sa araw na ito; at dahil sa aming mga kasam-an, kami, ang aming mga hari, at ang aming mga sacerdote ay nabigay sa kamay ng mga hari ng mga lupain, sa tabak, sa pagkabiha, sa pagkasamsam, at sa pagsasalimuot ng mukha, gaya sa araw na ito. **8** At ngayo'y sa sandaling panahon ay napakita ang biyaya na mula sa PANGINOONG aming Dios, upang iwan sa amin ang isang labi na nakataanan, at upang bigyan kami ng isang pako sa kaniyang santong lugar, upang palinawin ng aming Dios ang aming mga mata, at bigyan kami ng kaonting kabuhayan sa aming pagkaalipin. **9** Sapagka't kami ay mga alipin: gayon ma'y hindi kami pinabayaan ng aming Dios sa aming pagkaalipin, kungdi nag-unat ng kaawaan sa amin sa paningin ng mga hari sa Persia, upang bigyan kami ng kabuhayan, upang itayo ang bahay ng aming Dios, at upang isaali ang pagkasira noon, at upang bigyan kami ng kuta sa Juda at sa Jerusalem. **10** At ngayon, oh aming Dios, ano ang aming sasabihin pagkatapos nito? sapagka't aming pinabayaan ang iyong mga utos, **11** na iyong iniutos sa pamamagitan ng iyong mga lingkod na mga profeta, na nagsabing: Ang lupain, na inyong pinaroroonan upang arin, ay maruming lupain dahil sa mga karumihan ng mga bayan ng mga lupain, sa kanilang mga kasuklamsuklam, na pinuno sa dulo't dulo ng kanilang karumihan. **12** Ngayon nga'y huag ninyong ibigay ang inyong mga anak na babaye sa kanilang mga anak na lalaki, o kunin man ninyo ang kanilang mga anak na babaye para sa inyong mga anak na lalaki, o hanapin man ang kanilang kapayapaan o ang ka-

nilang kaginhawahan magpakailan man: upang kayo'y lumakas, at kumain ng buti ng lupain, at iwan ninyo na pinakamana sa inyong mga anak magpakailan man. **13** At pagkatapos ng lahat na dumating sa amin dahil sa aming masamang mga gawa, at dahil sa aming malaking sala, sa paraang ikaw na aming Dios ay nagparusa sa amin, ng kulang kay sa aming mga kasam-an ay marapat, at binigyan mo kami ng ganitong nalabi, **14** ¿amin ba uling sisirain ang iyong mga utos, at makikipisan ng mahigpit sa mga bayan na gumagawa ng mga kasuklamsuklam na ito? ¿hindi ka ba magagalit sa amin hangang sa iyong malipol kami, na ano pa't huag magkaroon ng nalabi, o ng sino mang makataanan? **15** Oh PANGINOON, na Dios ng Israel, ikaw ay banal; sapagka't, kami ay naiwan na isang labi na nakataanan, na gaya sa araw na ito: narito, kami ay nasa harap mo sa aming sala; sapagka't walang makatatayo sa harap mo dahil dito.

**10** Habang si Ezra nga ay dumadalangin, at gumagawa ng pagsasaysay, na umiyak at nagpapatirap sa harap ng bahay ng Dios, nagpipisan sa kaniya mula sa Israel ang isang napakalaking kapulungan ng mga lalaki at mga babaye at mga bata: sapagka't ang bayan ay umiyak na mainam. **2** At si Sekanias na anak ni Jehiel, na isa sa mga anak ni Elam, sumagot at nagsabi kay Ezra: Kami ay sumalangsang laban sa ating Dios, at nag-asawa sa mga babayeng taga ibang lupa ng mga bayan ng lupain: gayon man, may pag-asa para sa Israel tungkol sa bagay na ito. **3** Ngayon nga'y gumawa kami ng tipan sa aming Dios, na aming ihiwalay ang lahat na mga asawa, at ang mga ipinanganak nila, ayon sa payo ng aking panginoon, at niyaong mga nanginginig sa utos ng ating Dios: at gawin ayon sa kautusan. **4** Bumangon ka: sapagka't bagay na ukol sa iyo, at kami ay sumasa-iyong: magpakatayang kang mabuti, at iyong gawin. **5** Ng magkagayo'y nagtindig si Ezra at pinasumpa ang mga puno ng mga sacerdote, ang mga Levita at ang boong Israel, na kanilang gagawin ayon sa salitang ito. Sa gayo'y sumumpa sila. **6** Ng magkagayo'y nagbangon si Ezra mula sa harap ng bahay ng Dios, at naparoon sa silid ni Jehohanan na anak ni Eliasib: at ng siya'y dumating doon, siya'y hindi kumain ng tinapay, o uminom man ng

tubig: sapagka't siya'y nanaghoy dahil sa pagsalangsang nilang sa pagkabihaag. **7** At siya'y gumawa ng pahayag sa Juda't Jerusalem sa lahat na mga anak sa pagkabihaag, na siya'y magpipisan sa Jerusalem; **8** at yaong hindi pumaroon sa loob ng tatlong araw, ayon sa payo ng mga pangulo at ng mga mataunda, lahat niyang pag-aari ay sasamsamin, at ihihiwalay siya sa kapulungan ng sa pagkabihaag. **9** Ng magkagayo'y ang lahat na lalaki ng Juda at Benjamin ay nagpipisan sa Jerusalem sa loob ng tatlong araw; siyang ikasiam na buan, ng ikadalawang puo ng buan: at ang boong bayan ay naupo sa lual na lugar sa harap ng bahay ng Dios, na nanginginig dahil sa bagay na ito, at dahil sa malakas na ulan. **10** At si Ezra na sacerdote ay tumayo, at nagsabi sa kanilang: Kayo'y sumalangsang, at nag-asawa ng mga babayeng taga ibang lupa, upang palalain ang sala ng Israel. **11** Ngayon nga'y gumawa kayo ng pagsasaysay ng sala sa PANGINOON, sa Dios ng inyong mga magulang, at inyong gawin ang kaniyang kalayawan: at magsihiwalay kayo sa mga bayan ng lupain, at sa mga babayeng taga ibang lupa. **12** Ng magkagayo'y ang boong kapulungan ay sumagot at nagsabi ng malakas na voces: Kung ano ang iyong sinabi tungkol sa amin, gayon ang narapat naming gawin. **13** Ngunit ang bayan ay marami, at kapanahunan ng tagulan, at kami ay hindi makatatayo sa labas, o ito man ay gawa sa isang araw o dalawa: sapagka't kami ay nagkasalang mainam sa bagay na ito. **14** Mahalal ngayon ang aming mga pangulo para sa boong kapulungan, at pumarito sa takdang panahon yaong lahat na nag-asawa sa mga babayeng taga ibang lupa na nasa aming mga ciudad, at pumaritong kasama nila ang mga matanda ng lahat na ciudad, at ang mga hukom doon, hangang sa ang mabangis na pag-aalab ng loob ng ating Dios ay humiwalay sa atin, hangang sa ang bagay na ito ay matapos. **15** Si Jonatan lumang na anak ni Asael, at si Jazeias na anak ni Tikva ang tumayo laban sa bahay na ito: at si Mesullam, at si Sabetai na Levita ang tumulong sa kanila. **16** At ginawang gayon ng mga anak sa pagkabihaag. At si Ezra na sacerdote na kasama ng ilang mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang, ayon sa mga bahay ng kanilang mga magulang at nilang lahat na ayon sa kanilang mga

pangalan, ay nahiwalay; at sila'y naupo sa unang araw ng ikasampung buan upang linawin ang bagay. **17** At kaniyang tinapos ang tungkol sa lahat na lalaki na nag-asawa sa mga babaye na mga taga ibang lupa ng unang araw ng unang buap. **18** At sa mga anak ng mga sacerdote ay nasumpungan na nag-asawa sa mga babayeng taga ibang lupa: sa mga anak ni Jesua, na anak ni Jozadak, at sa kaniyang mga kapatid, si Maaseias, at si Eliezer, at si Jarib at si Gedalias. **19** At sila'y nakipagkamay na kanilang ibihawalay ang kanilang mga asawa; at sa paraang mga salarin, sila'y naghandog ng isang lalaking tupa sa kawan dahil sa kanilang sala. **20** At sa mga anak ni Imer; si Hanani at si Zebadiah. **21** At sa mga anak ni Harim, si Maaseias, at si Elias, at si Semaya, at si Jehiel, at si Uzias. **22** At sa mga anak ni Pasur; si Eliezer; si Maaseias, si Ismael, si Netanel, si Jozabad at si Elasa. **23** At sa mga Levita; si Jozabad, at si Simej, at si Kelaya (na siya ring Kelita) si Petahias, si Juda, at si Eliezer. **24** At sa mga mang-aawit; si Eliasib: at sa mga tagatanod pinto; si Sallum, at si Telen, at si Uri. **25** At sa Israel: sa mga anak ni Paros; si Ramia, at si Izias, at si Malkijas, at si Mijamin, at si Eleazar, at si Malkijas, at si Benaya. **26** At sa mga anak ni Elam: si Matanias, si Zeka-

rias, at si Jehiel, at si Abdi, at si Jeremot, at si Elias. **27** At sa mga anak ni Zatu; si Eliezer, si Eliasib, si Matanias, at si Jeremot, at si Zabad, at si Aziza. **28** At sa mga anak ni Bebai; si Jehohanan, si Hananias, si Zabai at si Atlai. **29** At sa mga anak ni Bani; si Mesullam, si Malluk, at si Adaya, si Jasub, si Seal, at si Jeremot. **30** At sa mga anak ni Pahatmoab; si Adna, at si Kelal, si Benaya, si Maaseias, si Matanias, si Bezalel, at si Binui, at si Manases. **31** At sa mga anak ni Harim; si Eliezer, si Isija, si Malkijas, si Semaya, si Simeon; **32** si Benjamin, si Malluk, si Semarias. **33** Sa mga anak ni Hasum; si Matenai, si Matata, si Zabad, si Elifelet, si Jeremai, si Manases, at si Simej. **34** Sa mga anak ni Bani; si Madai, si Amram, at si Uel; **35** si Benaya, si Bedeias, si Keluhi; **36** si Vanias, si Meremot, si Eliasib; **37** si Matanias, si Matenai, at si Jasu, **38** at si Bani, at si Binui, si Simej; **39** at si Selemias, at si Natan, at si Adaya; **40** si Maknadebai, si Sasai, si Sarai; **41** si Azarel, at si Selemias, si Semarias; **42** si Sallum, si Amarias, si Jose. **43** Sa mga anak ni Nebo; si Jeiel, si Matitias, si Zabad, si Zebina, si Iddo, si Joel, si Benaya. **44** Lahat ng ito'y nag-asawa sa mga babayeng taga ibang lupa: at ang iba sa kanila ay may mga asawang pinagkaroonan ng mga anak.

## ANG

## LIBRO NI NEHEMIAS.

Ang mga salita ni Nehemias na anak ni Hakalias.

Nangyari nga ng buan ng Kislev, sa ikadalawang puong taon ni Artaxerxes, habang ako'y nasa palacio ng Susan, **2** na si Hanani, na isa sa aking mga kapatid, dumating, siya at ilang mga lalaki na mula sa Juda; at tinanong ko sila ng tungkol sa mga Judio na nakataanan, na mga naiwan sa pagkabi-hag, at tungkol sa Jerusalem. **3** At sinabi nila sa aking: Ang nalabi na naiwan sa pagkabi-hag doon sa lalawigan, ay nasa malaking pagkapighati at kakutyaan: ang kuta naman sa Jerusalem ay nabagsak, at ang mga pintuang-daan ay nasunog ng apoy.

**4** At nangyari, ng marinig ko ang mga salitang ito, na ako'y naupo at umiyak, at nanaghoy na ilang araw; at ako'y nagayuno, at dumalangin sa harap ng Dios ng langit, at nagsabing: **5** Aking ipinamamalik sa iyo, Oh PANGINOON, na Dios ng langit, na dakila at kikilakilabot na Dios, na nag-iingat ng tipan at kaawaan sa mga umibig sa kaniya, at nag-iingat ng kaniyang mga utos: **6** pakingan ngayon ng iyong tainga, at idilat ang iyong mga mata, upang iyong dingin ang dalangin ng iyong alipin, na aking idinadalangin sa harap mo sa panahong ito, araw at gabi, dahil sa mga anak ng Is-



rael na iyong mga alipin, habang aking isinasaysay ang mga kasalanan ng mga anak ng Israel, na aming ipinagkasala laban sa iyo: oo, ako at ang bahay ng aking magulang ay nagkasala. 7 Kami ay gumawa na may kapahamakan laban sa iyo, at hindi nag-ingat ng mga utos, o ng mga palatuntunan man, o ng mga hatol man na iyong iniutos sa iyong aliping kay Moises. 8 Alalahanin mo, isinasamo ko sa iyo, ang salita na iyong iniutos sa iyong aliping kay Moises, na sinabing: Kung kayo'y sumalangsang, aking pangangalatin kayo sa lahat na mga bayan: 9 nguni't kung kayo'y magbalik sa akin at ingatan ninyo ang aking mga utos, at mga gawin, бага man ang natapon sa iyo ay nasa kaduludlulang bahagi ng langit, akin ngang pipisanin sila mula roon, at dadalhin ko sila sa lugar na aking pinili upang patabanin ang aking pangalan doon. 10 Ang mga ito nga ang iyong mga alipin at ang iyong bayan, na iyong tinubos sa pamamagitan ng iyong dakilang kapangyarihan, at sa pamamagitan ng iyong malakas na kamay. 11 Oh Panginoon, isinasamo ko sa iyo, pakingan ngayon ng iyong pakinig ang dalangin ng iyong alipin, at ang dalangin ng iyong mga alipin, na mga nasayahan na matakot sa iyong pangalan: at paginhawahin mo, isinasamo ko sa iyo, ang iyong alipin sa araw na ito, at pagkalooban mo siya ng kaawaan sa paningin ng lalaking ito. (Ngayo'y kopro ako ng hari.)

2 At nangyari sa buan ng Nisan, sa ika-dalawang puong taon ni Artaxerxes na hari, ng ang alak ay nasa harap niya, na aking itinaas ang alak at ibinigay ko sa hari. Hindi nga ako nalungkot ng una sa kaniyang harap. 2 At sinabi ng hari sa aking: Bakit ang iyong mukha ay malungkot, sa bagay ay wala kang sakit? ito'y walang iba kungdi sakit ng puso. Ng magkagayo'y natakot akong mainam. 3 At sinabi ko sa haring: Mabuhay ang hari magpakailan man: bakit ang aking mukha ay hindi malulungkot, sa bagay ay ang ciudad, ang lugar ng mga libingan sa aking mga magulang ay giba, at ang mga pintuang-daan noon ay nasupok ng apoy? 4 Ng magkagayo'y sinabi ng hari sa aking: Ano ang iyong hinihiling? Sa gayo'y dumalaganin ako sa Dios ng langit. 5 At nagsabi ako sa haring: Kung ikinalulugod ng hari, at kung ang iyong alipin ay nakasumpong ng biyaya

sa iyong paningin, na suguin mo ako sa Juda, sa ciudad ng libingan sa aking mga magulang, upang aking maitayo. 6 At ang hari ay nagsabi sa aking: (ang reina ay nakaupo naman sa siping niya), Magiging gaano kalaon ang iyong paglalakbay? at kailan ka babalik? Sa gayo'y nalugod ang hari na suguin ako; at nagtakda ako sa kaniya ng panahon. 7 Bukod dito'y sinabi ko sa hari: Kung ikinalulugod ng hari, bigyan ako ng mga sulat sa mga gobernador sa dako roon ng ilog, upang ako'y kanilang paraanin hangang sa ako'y dumating sa Juda; 8 at isang sulat kay Asaf na tagapag-ingat ng gubat ng hari, upang bigyan niya ako ng mga kahoy na magawang mga sikang para sa mga pintuang-daan ng palacio na naukol sa bahay, at para sa kuta ng ciudad at para sa bahay na aking papsukan. At pinagkalooban ako ng hari, ayon sa mabuting kamay ng aking Dios sa akin. 9 Ng magkagayo'y sumampa ako sa mga gobernador sa dako roon ng ilog, at ibinigay ko sa kanila ang mga sulat ng hari. Sinugo nga ako ng hari na may kasamang mga kapitan ng kawal at mga nangangabayo. 10 At ng marinig ni Sanbalat na Horonita, at ni Tobias na alipin, na Ammonita, pamanlaw na mainam, sapagka't naparoon ang isang lalaki upang hanapin ang kaginhawahan sa mga anak ng Israel. 11 Sa gayo'y naparoon ako sa Jerusalem, at dumoon akong tatlong araw. 12 At ako'y nagbangon sa kinagabihan, ako, at ilang lalaki na kasama ko; at hindi isinaysay ko man sa kanino man kung anong inilagay ng aking Dios sa aking puso upang gumawa para sa Jerusalem: at wala namang ano mang hayop na kasama ako, liban sa hayop na aking sinasakyan. 13 At ako'y lumabas ng kinagabihan sa pintuang-daan, ng libis sa dako ng balon ng dragon, at sa pintuang-daan ng tabihan, at minasdan ko ang mga kuta ng Jerusalem, na nangabagsak, at ang mga pintuang-daan na sinupok ng apoy. 14 Ng magkagayo'y nagpatuloy ako sa pintuang-daan ng bukal at sa lawa ng hari: nguni't walang lugar na mararaanan ang hayop sa ilalim ko. 15 Ng magkagayo'y sumampa ako ng kinagabihan sa batis, at aking minasdan ang kuta; at ako'y nagbalik, at nasok sa pintuang-daan ng libis, at sa gayo'y pumihit ako. 16 At hindi nalaman ng mga puno kung saan ako naparoon, o kung ano ang ginawa

ko; hindi ko man isinaysay sa mga Judio, o sa mga sacerdote man, o sa mga mahal man, o sa mga puno man, o sa nalabi man na gumagawa ng gagawin. **17** Ng magkagayo'y sinabi ko sa kanilang: Inyong nakikita ang masamang nangyayari na nasa atin, kung paanong ang Jerusalem ay nakalagay na giba, at ang mga pintuang-daan nito ay nasunog ng apoy: kayo'y parito, at ating itayo ang kuta ng Jerusalem, upang tayo'y huag ng maging kadustaan. **18** At isinaysay ko sa kanila ang kamay ng aking Dios na naging mabuti sa akin; at gayon din ang mga salita ng hari na sinalita niya sa akin. At kanilang sinabing: Ating ibangon at itayo. Sa guyo'y kanilang pinalakas ang kanilang mga kamay para sa mubuting gawa. **19** Nguni't ng marinig ni Sanbalat na Horonita, at ni Tobias na alipin, na Ammonita, at ni Gesem na taga Arabia, kanilang tinawanan kami, upang mangalit, at niwala ng kabuluhan kami, at nagsabing: Ano ang bagay na ito na inyong ginagawa? manghihimagsik ba kayo laban sa hari? **20** Ng magkagayo'y sumagot ako sa kanila, at sinabi ko sa kanilang: Ang Dios ng langit ay magpapaginhawa sa amin: kaya't kaming kaniyang mga alipin ay magbabangon at magtatayo: nguni't kayo'y walang bahagi, o matuid man, o alaala man sa Jerusalem.

**3** Ng magkagayo'y si Eliasib na dakilang sacerdote ay nagbangon na kasama ng kaniyang mga kapatid na mga sacerdote, at kanilang itinayo ang pintuang-daan ng mga tupa; kanilang pinapaging santo, at inilapat ang mga pintuan niya; hangang sa moog ng Hamea ay kanilang pinapaging santo, hangang sa moog ng Hananel. **2** At sumunod sa kaniya ay nagtayo ang mga lalaki sa Jeriko. At sumunod sa kanila ay nagtayo si Zakur na anak ni Imri. **3** At ang pintuang-daan ng isda ay itinayo ng mga anak ni Hasenaa; kanilang inilapat ang mga sikang noon, at inilagay ang mga pintuan noon, ang mga tranka noon, at ang mga halang noon. **4** At sumunod sa kanila ay hinusay ni Meremot na anak ni Urias, na anak ni Hakkoz. At sumunod sa kanila ang naghusay ay si Mesullam, na anak ni Berekias, na anak ni Mesezabel. At sumunod sa kanila ang naghusay ay si Zadok na anak ni Baana. **5** At sumunod sa kanila ang naghusay ay ang mga Tekoita; nguni't hindi inila-

gay ng kanilang mga mahal ang kanilang mga leeg sa gagawin ng kanilang panginoon. **6** At ang dating pintuang-daan ay hinusay ni Joiada na anak ni Pasea at ni Mesullam na anak ni Besodeias; kanilang inilapat ang mga sikang noon, at inilagay ang mga pinto, at ang mga trangka, at ang mga halang. **7** At sumunod sa kanila ang naghusay ay si Melatias na Gibeonita, at si Jadon na Meronotita, na mga lalaking taga Gibeon, at taga Mizpa, na ukol sa luklukan ng gobernador sa dako roon ng ilog. **8** Sumunod sa kanila ang naghusay ay si Uzziel na anak ni Harhaya, na platero. At sumunod sa kaniya ang naghusay ay si Hananias na isa sa mga botikario, at kanilang pinagtibay ang Jerusalem, hangang sa maluang na kuta. **9** At sumunod sa kanila ang naghusay ay si Refaias na anak ni Hur, na puno ng kalahating nayon ng Jerusalem. **10** At sumunod sa kanila ang naghusay ay si Jedaya na anak ni Harumaf, hangang sa tapat ng kaniyang bahay. At ang sumunod sa kaniya ang naghusay ay si Hatus na anak ni Husabneias. **11** Ang ibang bahagi at ang moog ng hornes ay hinusay ni Malkijas na anak ni Harim at ni Hasub na anak ni Pahatmoab. **12** At sumunod sa kaniya, ang naghusay ay si Sallum na anak ni Hallohes, na puno ng kalahating nayon ng Jerusalem, siya at ang kaniyang mga anak na babaye. **13** Ang pintuang-daan ng libis ay hinusay ni Hanun, at ng mga mananahan sa Zanoa; kanilang itinayo, at inilagay ang mga pinto, ang mga trangka, at ang mga halang, at isang libong siko sa kuta hangang sa pintuang-daan ng tabihan. **14** At ang pintuang-daan ng tabihan ay hinusay ni Malkijas na anak ni Rekab, na puno ng nayon ng Bet-hakkerem; kaniyang itinayo, at inilagay ang mga pinto, ang mga trangka, at ang mga halang. **15** At ang pintuang-daan ng bukal ay hinusay ni Sallum na anak ni Kol-hoze, na puno ng nayon ng Mizpa, kaniyang itinayo, at tinakpan, at inilagay ang mga pinto noon, ang trangka, at ang mga halang, at ang pader ng lawa ng Sela sa tabi ng halamanan ng hari, hangang sa mga baitang na paibaba mula sa ciudad ni David. **16** Sumunod sa kaniya ang naghusay ay si Nehemias na anak ni Azbuk, na puno ng kalahating nayon ng Bet-zur, hangang sa lugar ng tapat ng mga libingan ni David, at hangang sa lawa na ginawa, at hangang sa bahay ng mga makapang-

yarihang lalaki. 17 Sumunod sa kaniya, ang naghusay ang mga Levita, si Rehum na anak ni Bani. Sumunod sa kaniya, ang naghusay ay si Hasabias, na puno ng kalahating nayon ng Keila, na pinakana-ayon noon. 18 Sumunod sa kaniya ang naghusay ay ang kanilang mga kapatid, si Bavai na anak ni Henadad, na puno ng kalahating angkan ng Keila. 19 At sumunod sa kaniya, ang naghusay ay si Ezer na anak ni Jesua, na puno sa Mizpa, na ibang bahagi, sa tapat ng sampahan sa lagayan ng mga sabbat sa may pagliko *ng kuta*. 20 Sumunod sa kaniyany si Baruk na anak ni Zabai, ang naghusay na masikap ng ibang bahagi, mula sa may pagliko *ng kuta* hangang sa pintuan ng bahay ni Eliasib na dakilang sacerdote. 21 Sumunod sa kaniya ang naghusay ay si Meremot na anak ni Urias na anak ni Hakkoz ng ibang bahagi, mula sa pintuan ng bahay ni Eliasib hangang sa hanganan ng bahay ni Eliasib. 22 At sumunod sa kaniya, ang naghusay ay ang mga sacerdote, na mga lalaki sa Kapatagan. 23 Sumunod sa kanila, ang naghusay ay si Benjamin at si Hasub sa tapat ng kanilang bahay. Sumunod sa kanila, ang naghusay ay si Azarias na anak ni Maaseias na anak ni Ananias, sa siping ng kaniyang sariling bahay. 24 Sumunod sa kaniya, ang naghusay ay si Binui na anak ni Henadad ng ibang bahagi, mula sa bahay ni Azarias hangang sa may pagliko *ng kuta*, at hangang sa sulok. 25 Si Palal na anak ni Uzai ay naghusay ng tapat ng may pagliko *ng kuta*, at ng moog na lumalabas mula sa lalong mataas na bahay ng hari, na nasa tabi ng looban ng bantay. Sumunod sa kaniya'y si Pedaya na anak ni Paros ang naghusay. 26 (Ang mga Netinim nga ay tumahan sa Ofel, hangang sa lugar na nasa tapat ng pintuang-daan ng tubig sa dakong silanganan, at ng moog na nakalabas.) 27 Sumunod sa kaniya, ang naghusay ay ang mga Tekoita ng ibang bahagi, sa tapat ng malaking moog na nakalabas, at hangang sa pader ng Ofel. 28 Sa itaas ng pintuang-daan ng mga kabayo ang naghusay ay ang mga sacerdote, bawa't isa'y sa tapat ng kaniyang sariling bahay. 29 Sumunod sa kanila, ang naghusay ay si Zadok na anak ni Imer sa tapat ng kaniyang sariling bahay. At sumunod sa kaniya ang naghusay ay si Semaya na anak ni Sekanias na taga pag-ingat ng pintuang-daang silanganan. 30 Sumunod

sa kaniya ang naghusay at si Hananias na anak ni Selemias, ay si Hanun na ikaanim na anak ni Zalaf, ng ibang bahagi. Sumunod sa kaniya, ang naghusay ay si Mesullam na anak ni Berekias sa tapat ng kaniyang silid. 31 Sumunod sa kaniya, ang naghusay ay si Malkijas na isa sa mga platero sa bahay ng mga Netinim, at sa mga mangangalakal, sa tapat ng pintuang-daan ng Hammifkad, at sa sampahan sa sulok. 32 At sa pag-itan ng sampahan sa sulok at ng pintuang-daan ng mga tupa, ang naghusay ay ang mga platero at ang mga mangangalakal.

4 Nguni't nangyari, na ng marinig ni Sanbalat na aming itinayo ang kuta, siya'y nag-init, at nagalit na mainam, at tinuya ang mga Judio. 2 At siya'y nag-salita sa harap ng kaniyang mga kapatid, at ng kawal sa Samaria, at nag-sabing: ¶ Anong ginagawa ng mga mahinang Judiong ito? ¶ magpapakatibay ba sila? ¶ maghahayin ba sila? ¶ wawakasan ba nila sa isang araw? ¶ kanila bang bubuhayin ang mga bato mula sa mga bunton ng dumi, sa bagay ay nasusunog ang mga yaon? 3 Si Tobias nga na Ammonita ay nasa tabi niya, at sinabi niyang: Baga mau sila'y nagtatayo, kung ang isang zora ay sumapang, ibabagsak ang kanilang mga batang kuta. 4 Dingin mo, Oh aming Dios: sapagka't kami ay niwalan ng kabuluhan; at ibalik mo ang kanilang pagdusta sa kanilang sariling ulo, at ibigay mo sila sa pagkasamsam sa isang lupaing sa pagkabihag: 5 at huag mong takpan ang kanilang kasam-an, at huag mong pawiin ang kanilang kasalanan sa harap mo: sapagka't kanilang minungkahi ka sa galit sa harap ng mga mananayo. 6 Sa gayo'y aming itinayo ang kuta; at ang boong kuta ay napanan hangang sa kalahatian ng kaniyang taas: sapagka't ang bayan ay nagkaroon ng akala na gumawa.

7 Nguni't nangyari, na ng marinig ni Sanbalat, at ni Tobias, at ng mga taga Arabia, at ng mga Ammonita, at ng mga Asdodita, na ipinatuloy ang paghuhusay ng mga kuta ng Jerusalem, at ang mga sira ay pinasimulang tinakpan, sila nga'y nag-init na mainam; 8 at nagbanta silang lahat na magkakasama upang pumaroon, at bumaka laban sa Jerusalem, at upang mangulo doon. 9 Nguni't kami ay dumalangin sa aming Dios, at naglagay ng bantay laban sa kanila araw at gabi, dahil sa kanila. 10 At ang Juda ay nag-sabing: Ang lakas ng mga mangdadala

ng mga pasan, ay nabawasan at may maraming dumi; na ano pa't hindi kami makapagtayo ng kuta. **11** At sinabi ng aming mga kaaway: Sila'y hindi makakaalam, o makakakita man hangang sa kami ay dumating sa gitna nila, at patayin sila, at ipatigil ang gawa. **12** At nangyari, na ng dumating ang mga Judio na tumatahan sa siping nila, sinabi nila sa aming makasampung, mula sa labat na lugar. Kayo'y marapat magbalik sa amin. **13** Kayat'in ilagay ko sa mga pinakamababang lugar ng pag-itan ng likuran ng kuta, sa mga lual na lugar, akin namang inilagay ang bayan ayon sa kanilang mga kamag-anakan, sampuo ng kanilang mga tabak, ng kanilang mga sibat, at ng kanilang mga bosog. **14** At ako'y tumingin, at nagbangon, at nagsabi sa mga mahal, at sa mga puno, at sa nalabi sa bayan: Huag kayong matakot sa kanila: inyong alalahanin ang PANGI-NOON, na dakila at kakilakilabot, at ipakipagbaka ninyo ang inyong mga kapatid, ang inyong mga anak na lalaki at babaye, ang inyong mga asawa at ang inyong mga bahay. **15** At nangyari, ng marinig ng aming mga kaaway na nalaman namin, at ang Dios ay nagdala ng kanilang payo sa walang halaga, na kami ay nagbalik na lahat sa kuta, bawa't isa'y sa kaniyang gawa. **16** At nangyari, mula ng panahong yaon hangang sa darating, na kalahati sa aking mga alipin ay gumawa sa gagawin, at kalahati sa kanila ay nagsakbat ng mga sibat, mga kalasag, at mga bosog, at ng mga sapyaw; at ang mga puno ay nasa likuran ng boong bahay ng Juda. **17** Silang nagtatayo ng kuta, at silang nagpapasan ng mga pasan ay nangagisipagsakbat, bawa't isa'y may isa ng kaniyang mga kamay na iginagawa sa gagawin, at may isa na inihahawak ng kaniyang sakbat; **18** at ang mga mananayo, bawa't isa'y may kaniyang tabak na nakasabit sa kaniyang tagiliran, at gayon nagtatayo. At ang nagpapatunog ng pakakak ay nasa siping ko. **19** At sinabi ko sa mga mahal at sa mga puno, at sa nalabi sa bayan: Ang gagawin ay malaki at malaon, at tayo'y nangagkakahiwalay sa kuta, isa'y malayo sa isa: **20** sa ano mang lugar na inyong marinig ang tunog ng pakakak, ay makipisan kayo sa amin; ipakikipaglaban kayo ng ating Dios. **21** Ganito gumawa kami sa gagawin: at kalahati sa kanila ay humahawak ng mga sibat mula sa pagbubukang liway-

way hangang sa ang mga bituin ay lumitaw. **22** Sinabi kong gayon din ng panahong yaon sa bayan: Tumigil bawa't isa na kasama ng kaniyang alipin sa Jerusalem, upang sa kinagabihan ay maging bantay sila sa atin, at makagawa sa araw. **23** Sa gayo'y maging ako o ang aking mga kapatid man, o ang aking mga alipin man, o ang mga lalaki mang bantay na sumusunod sa akin, wala sa aming naghubad ng aming mga suot, bawa't isa'y yumaon na may kaniyang sakbat sa tubig.

**5** Ng magkagayo'y bumangon doon ang malaking hiyaw ng bayan at ng kanilang mga asawa laban sa kanilang mga kapatid na mga Judio. **2** Sapagka't nagkaroon ng nagsisipagsabing: Kami, ang aming mga anak na lalaki at babaye ay marami: kami ay bumili ng trigo, upang aming makain at mabuhay kami. **3** Nagkaroon naman ng iba na nangagsisipagsabing: Aming isinasanla ang aming mga bukid, at ang aming mga uvasan, at ang aming mga bahay: kami ay bumili ng trigo, dahil sa kasalatan. **4** Nagkaroon naman ng nagsisipagsabing: Aming ipinanghiram ng salapi ang buis sa hari na hinihingi sa aming mga bukid at aming mga uvasan. **5** Gayon ma'y ang aming laman ngayon ay gaya ng laman ng aming mga kapatid, ang aming mga anak, gaya ng kanilang mga anak: at, narito, aming dinadela sa pagkaalipin ang aming mga anak na lalaki at babaye upang maging mga alipin, at ang iba sa aming mga anak na babaye ay nadala sa pagkaalipin na: na wala kaming kapangyarihang makatulong; sapagka't ibang mga tawo ang nagtatankilik ng aming mga bukid at aming mga uvasan. **6** At ako'y nagalit na mainam ng aking marinig ang kanilang hiyaw at ang mga salitang ito. **7** Ng magkagayo'y sumanguni ako sa aking sarili, at nakipagtalo ako sa mga mahal at sa mga puno, at nagsabi sa kanilang: Kayo'y naglalagay ng tubo, bawa't isa sa kaniyang kapatid. At ako'y nagpisan ng malaking kapisanan laban sa kanila. **8** At sinabi ko sa kanilang: Kami ayon sa aming kaya ay aming tinubos ang aming mga kapatid na mga Judio, na mga maipagbili sa mga walang Dios at inyo bang ipagbibili ang inyong mga kapatid, at sila'y maipagbibili sa amin? Ng magkagayo'y tumahimik sila, at hindi nakasumpung kailan man ng salita. **9** Sinabi ko ring: Ang bayan na inyong ginagawa ay hindi mabuti: hindi ba kayo

marapat lumakad sa takot sa ating Dios, dahil sa pagdusta ng mga walang Dios na ating mga kaaway? **10** At ako'y gayon din, ang aking mga kapatid at ang aking mga alipin ay nanghihiram sa kanila ng salapi at trigo na may patubo. Isinasamo ko sa inyo na ating iwan ang pagpatubo na ito. **11** Isinasamo ko sa inyo, na isauli ninyo sa kanila, sa araw ding ito, ang kanilang mga bukid, at ang kanilang mga uvasan, ang kanilang mga olivahan, at ang kanilang mga bahay, gayon din ang ikasangdaang bahagi ng salapi, at ng trigo, ng alak, at ng langis, na inyong hiningi sa kanila. **12** Ng magkagayo'y sinabi nilang: Aming mga isasauli, at wala kaming bihilingin sa kanila; gayon namin gagawin, gaya ng iyong sinasabi. Ng magkagayo'y tinawag ko ang mga sacerdotang, at pinanumpa ko sila, na sila'y gagawa ng ayon sa pangakong ito. **13** Ipinagpag ko naman ang aking laylayan, at ako'y nagsabing: Ganito ipagpag ng Dios ang bawat tawo mula sa kaniyang bahay, at mula sa kaniyang gagawin na hindi tumupad ng pangakong ito; ganito maipagpag siya, at matuyo. At ang boong kapulungan ay nagsabing: Siya nawa, at pumuri sa PANGINOON. At ginawa ng bayan ayon sa pangakong ito. **14** Bukod dito'y mula sa panahon na ako'y mahalal na kanilang gobernador sa lupain ng Juda, mula sa ikadalawang puong taon hangang sa ikatatlong puot dalawang taon ni Artaxerxes na hari, labing dalawang taon, ako at ang aking mga kapatid ay hindi kumain ng tinapay ng gobernador. **15** Ngunit ang mga unang gobernador na una sa akin ay nagpapasan sa bayan, at kumuha sa kanila ng tinapay at alak, bukod sa apat na puong siklong pilak; oo, pati ng kanilang mga lingkod ay nagpupuno sa bayan: ngunit ang gayon ay hindi ko ginawa, dahil sa takot sa Dios. **16** Oo, ako nama'y nagpatuloy sa gawa ng kutang ito, at hindi bumili man kami ng ano mang lupain: at ang lahat ng aking lingkod ay nagpipisan doon sa gawa. **17** Bukod dito'y nagkaroon sa dulang ko ng mga Judio at mga puno na isang daan at limang puong katawo, bukod sa mga naparoon sa amin na mula sa mga walang Dios na nasa palibot namin. **18** Ang inihahanda nga sa bawat araw ay isang baka at anim na piling tupa: mga ibon naman ay nahanda sa akin, at minsan sa sampuon araw ay kamalig ng sarisaring alak: gayon ma'y sa lahat ng

ito ay hindi ako humingi ng tinapay ng gobernador, sapagka't ang pagkaalipin ay mabigat sa bayang ito. **19** Alalahanin mo ako, Oh aking Dios, sa ikabubuti, lahat na aking ginawa dahil sa bayang ito.

**6** Nangyari nga, ng maibalita kay Sanbalat at kay Tobias, at kay Gesem na taga Arabia, at sa nalabi sa aming mga kaaway, na aking itinayo ang kuta, at wala ng sira na naiwan doon; (baga man hangang sa panahong yaon ay hindi ko pa nailalapat ang mga pinto ng mga pintuang-daan;) **2** na si Sanbalat, at si Gesem ay nagsugo sa akin na nagsabing: Ikaw ay parito, magkakita tayo sa isa sa mga nayon sa mga kapatagan ng Ono. Ngunit pinag-isipan nila akong gawan ng masama. **3** At ako'y nagsugo ng mga sugo sa kanila, na nagsabing: Ako'y gumagawa ng malaking gagawin, na ano pa't hindi ako makababa: bakit ititigil ang gagawin, habang aking iniwan, at binababa kayo? **4** At sila'y nagsugo sa aking makaapat ayon sa paraang ito; at sinagot ko sila ng ayon sa gayon ding paraan. **5** Ng magkagayo'y sinugo ni Sanbalat ang kaniyang lingkod sa akin ng gaya ng paraan ng ikalima na may bukas na sulat sa kaniyang kamay; **6** na kinasusulatan: Naibalita sa mga nasyon, at sinasabi ni Gasmu, na ikaw at ang mga Judio ay nag-aakalang manghimagsik; na siyang kadahilanan ng iyong pagtatayo ng kuta: at ikaw ay magiging kanilang hari ayon sa mga salitang ito. **7** At ikaw naman ay naghalal ng mga profeta upang mangaral tungkol sa iyo sa Jerusalem, na nagsasabing: May isang hari sa Juda; at nga-yo'y ibabalita sa hari ang ayon sa mga salitang ito. Parito ka nga ngayon at magsangunian tayo. **8** Ng magkagayo'y nagsugo ako sa kaniya, na aking sinabing: Walang ganiyang mga bagay na nagawa na gaya ng iyong sinasabi, kungdi iyong mga pinagbubuhay sa iyong sariling puso. **9** Sapagka't ibig nilang lahat na sidlan ng takot kami, na sinabing: Ang kanilang mga kamay ay manghihina sa gawa, na ano pa't hindi mayayari. Ngunit ngayon. *Oh Dios*, palakasin mo ang aking mga kamay.

**10** At ako'y naparoon sa bahay ni Semaya na anak ni Delaya na anak ni Mehetabel, na nakulong; at kaniyang sinabing: Tayo'y magpupulong na magkakasama sa bahay ng Dios, sa loob ng templo, at ating isara ang mga pinto ng templo: sapagka't sila'y paririto upang

patayin ka; oo, sa kinagabiha'y paririto sila upang patayin ka. **11** At aking sinabing: ¿Tatakas ba ang isang lalaking gaya ko? at sino riyán, na sa paraang gaya ko, paroroon sa templo upang ilitgas ang kaniyang buhay? hindi ako papasok. **12** At ako'y nagsiyasat, at narito, hindi siya sinugo ng Dios: kungdi kaniyang sinaysay ang panghuhulang ito laban sa akin: at inupahan siya ni Tobias, at ni Sanbalat. **13** Dahil sa kadahilanang ito inupahan siya, upang ako'y matakot, at gumawang gayon, at magkasala, at upang sila'y magkaroon ng paraan para sa isang masamang balita, upang kanilang madusta ako. **14** Alalahanin mo, Oh aking Dios, si Tobias at si Sanbalat ayon sa ganitong mga gawa nila, at gayon din ang profetisang si Noadías at ang nalabi sa mga profeta, na ibig ilagay nila ako sa katakutan. **15** Sa gayo'y natapos ang kuta sa ikadalawang puo't lima ng buan ng Elul, sa limang puo't dalawang araw. **16** At nangyari, ng marinig ng lahat naming mga kaaway, na ang lahat na walang Dios na nasa palibot namin ay natakot, at nangalumatang mainam: sapagka't kanilang nabalata na ang gawang ito ay gawa ng aming Dios. **17** Bukod dito'y sa mga araw na yao'y ang mga mahal sa Juda ay nagpadala ng maraming sulat kay Tobias, at ang mga sulat ni Tobias ay dumating sa kanila. **18** Sapagka't marami sa Juda na uanumpa sa kaniya, sapagka't siya'y manugang ni Sekanias na anak ni Arah; at ang kaniyang anak na si Jehohanán ay nag-asawa sa anak na babaye ni Mesullam na anak ni Berekias. **19** Sila nama'y nagsalita ng kaniyang mga mabuting gawa sa harap ko, at ibinalita ang aking mga salita sa kaniya. At si Tobias ay nagpadala ng mga sulat upang sidlan ako ng katakutan.

**7** Nangyari nga, ng ang kuta ay maitayo, at aking mailapat ang mga pinto, at ang mga tagatanod pinto, at ang mga mang-aawit, at ang mga Levita ay mgahalal, 2 na aking ibinigay kay Hanani, na aking kapatid at kay Hananias na gobernador ng kuta, ang pamamahala sa Jerusalem: sapagka't siya'y tapat na lalaki at natakot sa Dios na ligit kay sa marami. **3** At aking sinabi sa kanilang: Huag buksan ang mga pintuang-daan ng Jerusalem hangang sa ang araw ay uminit; at samantalang sila'y tumatayong bantay, isara nila ang mga pinto, at inyong mga itrangka: at kayo'y maghalal ng mga

bantay sa mga mananahan sa Jerusalem, bawát isa'y sa kaniyang pagbabantay, at bawát isa'y sa tapat ng kaniyang bahay. **4** Ang ciudad nga ay maluang at malaki: nguni't ang bayan ay kaonti doon, at ang mga bahay ay hindi naitatayo pa. **5** At inilagay ng aking Dios sa aking puso na pisanin ang mga mahal, at ang mga puno, at ang bayan, upang mgabilang ayon sa talaan ng lahi. At aking nasumpungan ang libro ng talaan ng lahi nila na sumampa ng una, at aking nasumpungang nakasulat doon: **6** Ang mga ito ang mga anak ng lalawigan, na sumampa mula sa pagkabihag sa mga nadala, na dinala ni Nebukadnezar na hari sa Babilonia, at nagbalik sa Jerusalem at sa Juda, na bawát isa'y sa kaniyang ciudad; **7** na siyang mga sumama kay Zerubabel, kay Jesua, kay Nehemias, kay Azarias, kay Raamias, kay Nahamani, kay Mordekai, kay Bilsan, kay Misperet, kay Bigvai, kay Nehum, kay Baana. Ang bilang ng mga lalaki ng Israel ay ito: **8** ang mga anak ni Paros, ay dalawang libo't isang daan at pitong puo't dalawa. **9** Ang mga anak ni Sefatias, tatlong daan at pitong puo't dalawa. **10** Ang mga anak ni Arah, anim na raan at limang puo't dalawa. **11** Ang mga anak ni Pahat-moob, sa mga anak ni Jesua at ni Joab, dalawang libo't walong daan at labing walo. **12** Ang mga anak ni Elam, isang libo't dalawang daan at limang puo't apat. **13** Ang mga anak ni Zatu, walong daan at apat na puo't lima. **14** Ang mga anak ni Zakai, pitong daan at anim na puo. **15** Ang mga anak ni Binui, anim na raan at apat na puo't walo. **16** Ang mga anak ni Bebai, anim na raan at dalawang puo't walo. **17** Ang mga anak ni Azgad, dalawang libo't tatlong daan at dalawang puo't dalawa. **18** Ang mga anak ni Adonikam, anim na raan at anim na puo't pito. **19** Ang mga anak ni Bigvai, dalawang libo't anim na puo't pito. **20** Ang mga anak ni Adin, anim na raan at limang puo't lima. **21** Ang mga anak ni Ater, ni Hezekias, siam na puo't walo. **22** Ang mga anak ni Hasum tatlong daan at dalawang puo't walo. **23** Ang mga anak ni Bezai, tatlong daan at dalawang puo't apat. **24** Ang mga anak ni Harif, isang daan at labing dalawa. **25** Ang mga anak ng Gibeon, siam na puo't lima. **26** Ang mga lalaki ng Bet-lehem, at ng Netofa, isang daan at walong puo't walo. **27** Ang mga lalaki ng Anatot, isang daan

at dalawang puo't walo. **28** Ang mga lalaki ng Bet-azmavet apat na puo't dalawa. **29** Ang mga lalaki ng Kiriat-jearim, ng Kefira, at ng Beerot, pitong daan at apat na puo't tatlo. **30** Ang mga lalaki ng Rama, at ng Geba, anim na raan at dalawang puo't isa. **31** Ang mga lalaki ng Mikmas, isang daan at dalawang puo't dalawa. **32** Ang mga lalaki ng Bet-el at ng Ai, isang daan at dalawang puo't tatlo. **33** Ang mga lalaki ng isang Nebo, limang puo't dalawa. **34** Ang mga anak ng isang Elam isang libo't dalawang daan at limang puo't apat. **35** Ang mga anak ni Harim, tatlong daan at dalawang puo. **36** Ang mga anak ng Jeriko, tatlong daan at apat na puo't lima. **37** Ang mga anak ng Lod, ng Hadid, at ng Ono, pitong daan at dalawang puo't isa. **38** Ang mga anak ni Senaa, tatlong libo at siam na raan at tatlong puo. **39** Ang mga sacerdote: Ang mga anak ni Jedaya, sa bahay ni Jesua, siam na raan at pitong puo't tatlo. **40** Ang mga anak ni Imer, isang libo't limang puo't dalawa. **41** Ang mga anak ni Pasur, isang libo't dalawang daan at apat na puo't pito. **42** Ang mga anak ni Harim, isang libo't labing pito. **43** Ang mga Levita: Ang mga anak ni Jesua, ni Kadmiel, sa mga anak ni Hodeva, pitong puo't apat. **44** Ang mga mang-aawit: Ang mga anak ni Asaf, isang daan at apat na puo't walo. **45** Ang mga tagatanod pinto: ang mga anak ni Salum, ang mga anak ni Ater, ang mga anak ni Talmon, ang mga anak ni Akub, ang mga anak ni Hatita, ang mga anak ni Sobai, isang daan at tatlong puo't walo. **46** Ang mga Netinim: ang mga anak ni Ziha, ang mga anak ni Hasufa, ang mga anak ni Tabaot; **47** ang mga anak ni Keros, ang mga anak ni Sia, ang mga anak ni Padon; **48** ang mga anak ni Lebana, ang mga anak ni Hagaba, ang mga anak ni Salmai; **49** ang mga anak ni Hanan, ang mga anak ni Gidel, ang mga anak ni Gahar; **50** ang mga anak ni Reaya, ang mga anak ni Rezin, ang mga anak ni Nekoda; **51** ang mga anak ni Gazam, ang mga anak ni Uzza, ang mga anak ni Paseas, **52** ang mga anak ni Bessai, ang mga anak ni Meunim, ang mga anak ni Nefusesim, **53** ang mga anak ni Bakbuk, ang mga anak ni Hakufa, ang mga anak ni Harhur; **54** ang mga anak ni Bazlit, ang mga anak ni Mehida, ang mga anak ni Harsa; **55** ang mga anak ni Barkos, ang mga anak ni Sisera, ang mga

anak ni Tema; **56** ang mga anak ni Nezia, ang mga anak ni Hatifa. **57** Ang mga anak ng mga alipin ni Solomon; ang mga anak ni Sotai, ang mga anak ni Soferet, ang mga anak ni Perida; **58** ang mga anak ni Jaala, ang mga anak ni Dargon, ang mga anak ni Gidel; **59** ang mga anak ni Sefatias, ang mga anak ni Hatil, ang mga anak ni Pokeret-hazebaim, ang mga anak ni Amon. **60** Lahat ng Netinim, at ang mga anak ng mga alipin ni Solomon, ay tatlong daan at siam na puo't dalawa. **61** At ang mga ito ang sumampula mula sa Tel-mela, Tei-harsha, Kerub, Adon, at Imer: nguni't hindi nila naipakilala ang mga bahay ng kanilang mga magulang, o ang kanilang binhi man kung mga taga Israel: **62** ang mga anak ni Delaya, ang mga anak ni Tobias, ang mga anak ni Nekoda, anim na raan at apat na puo't dalawa. **63** At sa mga sacerdote: ang mga anak ni Hobaya, ang mga anak ni Hakkoz, ang mga anak ni Barzillai, na nag-asawa sa anak ni Barzillai, na Gileadita, at tinawag ayon sa kaniyang pangalan. **64** Ang mga ito ay humanap ng kanilang talaan ng lahi sa mga yaon na nabilang sa pamamag-itan ng talaan ng lahi, nguni't hindi nasumpungan: kaya't sila'y nabilang na hawa, at naalis sa pagkasacerdote. **65** At ang Tirshatha ay nagsabi sa kanilang: na sila'y huag kakin ng mga pinakasantong bagay, hanggang sa tumayo ang isang sacerdote na may Urim at may Tummim. **66** Ang boong kapulungang magkakasama ay apat na puo't dalawang libo at tatlong daan at anim na puo, **67** bukod sa kanilang mga aliping lalaki at babaye, na may pitong libo at tatlong daan at tatlong puo't pito: at sila'y may dalawang daan at apat na puo't lima na mang-aawit na lalaki at babaye. **68** Ang kanilang mga kabayo ay pitong daan at tatlong puo't anim; ang kanilang mga mula, dalawang daan at apat na puo't lima; **69** ang kanilang mga kamello, apat na raan at tatlong puo't lima; ang kanilang mga asno, anim na libo't pitong daan at dalawang puo. **70** At ang mga iba sa mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang ay nagbigay sa gagawin. Ang Tirshatha ay nagbigay sa ingatng-yaman ng isang libong dariko na ginto, limang puong malaking taza, limang daan at tatlong puong bihisana ng mga sacerdote. **71** At ang iba sa mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang ay nagbigay sa ingatng-yaman ng gaga-

win ng dalawang puong libong dariko na ginto, at dalawang libo at dalawang daan na librang pilak. 72 At ang nalabi sa bayan ay nagbigay ng dalawang puong libo ng dariko na ginto, at dalawang libong librang pilak, at anim na puo't pitong bibisan ng mga sacerdote. 73 Sa gayo'y ang mga sacerdote, at ang mga Levita, at ang mga tagatanod pinto, at ang mga mang-aawit, at ang iba sa bayan, at ang mga Netinin, at ang boong Israel, tumahan sa kanilang mga ciudad. At ng ang ikapitong buan ay dumating, ang mga anak ng Israel ay nasa kanilang mga ciudad.

8 At ang boong bayan ay nagpipisan na parang isang lalaki sa lual na lugar na nasa harap ng pintuang-daan ng tubig; at sila'y nagsalita kay Ezra na kalihim, na dalhin ang libro ng kautusan ni Moises, na inutos ng PANGINOON sa Israel. 2 At dinala ni Ezra na sacerdote ang libro ng kautusan sa harap ng kapuluñgan, lalaki at gayon din ang babaye, at lahat na makadidinig na may kaalaman, sa unang araw ng ikapitong buan. 3 At binasa niya doon sa harap ng lual na lugar na nasa harap ng pintuang-daan ng tubig, mula sa madaling araw hangang sa katanghaliang tapat sa harap ng mga lalaki at mga babaye, at ng makakaalam; at ang mga pakinig ng boong bayan ay nakikinig sa libro ng kautusan. 4 At si Ezra na kalihim ay tumayo sa pulpitong kahoy, na kanilang ginawa para sa bagay na ito; at sa tabi niya ay nakatayo si Matitias, at si Sema, at si Anaya, at si Urias, at si Hilcias, at si Maaseias, sa kaniyang kanan; at sa kaniyang kaliwa, si Pedaya, at si Misael, at si Malkijas, at si Hasum, at si Hasbadana, si Zekarias, at si Mesulam. 5 At binuksan ni Ezra ang libro sa paningin ng boong bayan; (sapagka't siya'y nasa mataas sa boong bayan;) at ng kaniyang buksan, ang boong bayan ay tumayo: 6 at si Ezra ay pumuri sa PANGINOON, na dakilang Dios. At ang boong bayan ay sumagot: Siya nawa, Siya nawa, na may pagtaas ng kanilang mga kamay: at kanilang iniyukod ang kanilang mga ulo, at sumamba sa PANGINOON na may kanilang mga mukhang nakatungo sa lupa, 7 Si Jesua naman, at si Bani, at si Serebias, at si Jamin, at si Akub, si Sabetai, si Hodias, si Maaseias, si Kelita, si Azarias, si Jozabad, si Hanan, si Pelaya, at ang mga Levita, nagpakilala sa bayan ng kautusan: at ang

bayan ay tumayo sa kanilang lugar. 8 At sila'y bumasa sa libro, sa kautusan ng Dios, na maliwanag, at kanilang ibinigay ang kalinawan, na ano pa't kanilang nabatid ang binasa. 9 At si Nehemias na siyang Tirshatha, at si Ezra na sacerdote na kalihim, at ang mga Levita na nagturo sa bayan, nagsabi sa boong bayang: Ang araw na ito ay santo sa PANGINOONG inyong Dios; huag kayong tumaghoy, o umiyak man. Sapagka't ang boong bayan ay umiyak, ng kanilang marinig ang mga salita ng kautusan. 10 Ng magkagayo'y kaniyang sinabi sa kanilang: Lumakad kayo ng inyong lakad, kumain kayo ng taba, at uminom kayo ng matamis, at magpadala kayo ng mga bahagi doon sa walang naihanda: sapagka't ang araw na ito ay santo sa ating Panginoon: at huag din kayong mamaulaw; sapagka't ang kagalakan sa PANGINOON ay inyong kalakasan. 11 Sa gayo'y nagpatahimik ang mga Levita sa boong bayan, na nagsabing: Kayo'y tumahimik, sapagka't ang araw ay santo; at huag man kayong mamaulaw. 12 At ang boong bayan ay yumaon ng kanilang lakad na kumain at uminom at nagpadala ng mga bahagi, at gumawa ng malaking kasayahan, sapagka't kanilang nabatid ang mga salita na nasaysay sa kanila.

13 At ng ikalawang araw ay nagpisan ang mga pangulo sa mga bahay ng mga nagulang ng boong bayan, ang mga sacerdote, at ang mga Levita, kay Ezra na kalihim, upang makinig sa mga salita ng kautusan. 14 At kanilang nasumpungang nakasulat sa kautusan, kung paanong inutos ng PANGINOON, sa pamamagitan ni Moises, na ang mga anak ng Israel ay tatahan sa mga balag sa kapistahan ng ikapitong buan: 15 at kanilang ihahayag at itatanyag sa lahat ng kanilang ciudad, at sa Jerusalem, na sasabihing: Lumabas kayo sa bundok, at kumuha kayo ng mga sangá ng olivo, at ng mga sangá ng olivong gubat, at ng mga sangá ng oleastro, at mga sangá ng palma, at mga sangá ng mga mayabong na puong kahoy, upang gumawa ng mga balag, gaya ng nakasulat. 16 Sa gayo'y lumabas ang bayan, at mga nagdala sila, at nagsigawa ng mga balag, baw't isa'y sa pulupo ng kaniyang bahay, at sa kanilang mga looban, at sa mga looban ng bahay ng Dios, at sa lual na lugar ng pintuang-daan ng tubig, at sa lual na lugar ng pintuang-daan ng Efraim. 17 At ang boong



kapulungan nila na bumalik na mula sa pagkabahag ay gumawa ng mga balag, at tumahan sa mga balag: sapagka't mula ng mga araw ni Jesua na anak ni Nun hangang sa araw na yaon ay hindi gumawa ang mga anak ng Israel ng gayon. At nagkaroon ng totoong malaking kasayahan. **15** Gayon din naman araw-araw, mula ng unang araw hangang sa huling araw, kaniyang binasa sa libro ng kautusan ng Dios. At kanilang ipinagdiwang ang kapistahan na pitong araw; at sa ikawalong araw ay dakilang kapisanan, ayon sa ayos.

**9** Ng ikadalawang puo't apat na araw nga ng buang ito ay nagpipisan ang mga anak ng Israel na may ayuno, at may pananamit ng magaspang, at lupa sa ulo nila. **2** At ang binhi ng Israel ay nangahiwalay sa lahat na mga taga ibang lupa, at tumayo at nagsaysay ng kanilang mga kasalanan, at ng mga kasam-an ng kanilang mga magulang. **3** At sila'y tumayo sa kanilang lugar, at bumasa sa libro ng kautusan ng PANGINOONG kanilang Dios na isang ikaapat na bahagi ng araw; at ang isang ikaapat na bahagi ay kanilang ipinagsaysay, at sumamba sa PANGINOONG kanilang Dios. **4** Ng magkagayo'y tumayo sa mga hagdanan ng mga Levita, si Jesua, at si Bani, si Kadmiel, si Sebanias, si Buni, si Serebias, si Bani, at si Kenani, at dumaing ng malakas na voces sa PANGINOONG kanilang Dios. **5** Ng magkagayo'y ang mga Levita, si Jesua at si Kadmiel, si Bani, at si Hasabneias, si Serebias, si Hodias, si Sebanias, at si Petahias, nagsabing: Kayo'y tumayo at pumuri sa PANGINOONG inyong Dios na mula sa walang hangang hangang sa walang hangang: at purihin ang inyong malualhating pangalan, na nataas ng higit sa lahat ng pagpapala sa pagpuri. **6** Ikaw ay PANGINOON, ikaw lamang; ikaw ang lumikha ng langit, ng langit ng mga langit, sampuo ng boo nilang hukbo, ng lupa at ng lahat na bagay na nandoon, ng mga dagat at ng lahat na nandoon, at iyong mga pinamalagi na lahat; at ang hukbo ng langit ay sumasamba sa iyo. **7** Ikaw ang PANGINOON na Dios, na siyang pumili kay Abram, at naglabas sa kaniya sa Ur ng mga Kaldeo, at nagbigay sa kaniya ng pangalan na Abraham: **8** at nasumpungan mo ang kaniyang puso na tapat sa harap mo, at gumawa ka ng tipan sa kaniya, upang ibigay ang lupain ng Kananeo, ng Hiteo, at ng Amorreo, at ng Perizeo, at ng Jebuseo, at ng Girgaseo,

upang ibigay sa kaniyang binhi, at tumupad ng iyong mga salita; sapagka't ikaw ay banal. **9** At iyong nakita ang kadalamhatian ng aming mga magulang sa Egipto, at iyong dininig ang kanilang daing sa tabi ng Dagat na Mapula; **10** at nagpakita ng mga tanda at mga kababalaghan kay Faraon, at sa lahat niyang mga alipin, at sa boong bayan ng kaniyang lupain; sapagka't iyong nakilala na sila'y gumawa na may kapalaluan laban sa kanila; at gumawa ka sa iyo ng pangalan gaya sa araw na ito. **11** At iyong hinati ang dagat sa harap nila, na ano pa't sila'y dumaan sa gitna ng dagat sa tuyong lupa; at ang mga manghahabol sa kanila ay iyong inihagis sa mga kalaliman na parang isang bato sa mga makapangyarihang tubig. **12** Bukod dito'y iyong pinatnubayan sila sa isang haliging alapaap sa araw; at sa isang haliging apoy sa gabi, upang bigyan sila ng tanlaw sa daan na kanilang lalakaran. **13** Ikaw naman ay bumaba sa bundok ng Sinai, at nagsalita ka sa kanila mula sa langit, at binigyan mo sila ng mga matuid na kahatulan at mga tunay na kautusan, mga mabuting palatuntunan at mga utos: **14** at ipinakilala mo sa kanila ang iyong santong sabado, at nag-utos ka sa kanila ng mga utos, at ng mga palatuntunan, at ng kautusan, sa pamamag-itan ng kamay ni Moises na iyong alipin: **15** at nagbigay ka sa kanila ng tinapay na mula sa langit para sa kanilang kagutuman, at nilabasan mo ng tubig sila na mula sa malaking bato para sa kanilang pagkauhaw, at inutusan mo sila na pumasok na ariin ang lupain na iyong pinagtaasan ng iyong kamay upang ibigay sa kanila. **16** Nguni't sila at ang aming mga magulang ay gumawa na may kapalaluan, at pinatigas ang kanilang leeg, at hindi dininig ang inyong mga utos, **17** at tumangì na sumunod, at hindi inalala man ang inyong mga kababalaghan na iyong ginawa sa gitna nila; kungdi pinatigas ang kanilang leeg, at sa kanilang panghihimagsik ay naghalal ng isang kapitan upang bumalik sa kanilang pagkabahag; nguni't ikaw ay Dios na maliksing magpatawad, magbigiyaya at puspos ng kaawaan, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kahabagan, at hindi mo pinababayaang sila. **18** Oo, ng sila'y gumawa sa kanila ng isang guyang binubo, at magsabing: Ito ay iyong Dios na nagsampa sa iyo mula sa Egipto, at ng gumawa ng malaking pamumungkahi;

79 gayon ma'y ikaw sa iyong masaganang mga kaawaan ay hindi mo pinababayaang sila sa ilang: ang haliging alapaap ay hindi humihiwalay sa kanila sa araw, upang patnubayan sila sa daan; o ang haliging apoy man sa gabi, upang pagpakitaan sila ng liwanag at ng daan na kanilang lalakaran. 20 Iyo namang ibinigay ang iyong mabuting espiritu upang turuan sila, at hindi mo inalis ang iyong mana sa kanilang bibig, at binigyan mo sila ng tubig sa kanilang kauhawan. 21 Oo, apat na puong taon na iyong pinakain sila sa ilang, at hindi sila nagkulang ng ano man; ang kanilang mga suot ay hindi naluma, at ang kanilang mga paa ay hindi namaga. 22 Bukod dito'y binigyan mo sila ng mga kaharian at mga bayan, na iyong binahagi ayon sa kanilang mga bahagi: sa gayo'y kanilang inari ang lupain ng Sihon, ang lupain ng hari sa Hesbon, at ang lupain ni Og na hari sa Basan. 23 Ang kanila namang mga anak ay pinarami mo na parang mga bituin sa langit, at mga ipinasok mo sa lupain, tungkol sa iyong sinabi sa kanilang mga magulang, na sila'y pumaroon upang ariin. 24 Sa gayo'y ang mga anak ay nasok at inari ang lupain, at iyong pinasuko sa harap nila ang mga mananahan sa lupain, ang mga Kananeo, at mga ibinigay mo sa kanilang mga kamay, sampuo ng kanilang mga hari, at ang mga bayan ng lupain, upang magawa nila sa kanila kung ano ang kanilang ibigin. 25 At sila'y sumakop ng mga ciudad na nakukutaan, at ng matabang lupain, at nag-ari ng mga bahay na puno ng lahat na mabuting bagay, ng mga balon na hinichurang *bato*, mga uvasan, at mga olivahan, at ng mga punong kahoy na may bunga na sagana: na ano pa't sila'y kumain, at nangabusog, at naging mataba, at nangaaliw sa iyong malaking kagandahang-loob. 26 Gayon ma'y naging manunuay sila, at nanghimagsik laban sa iyo, at inihagis ang iyong kautusan sa kanilang likuran, at pinatay ang iyong mga profeta na nagpatotoo laban sa kanila upang sila'y bumalik uli sa iyo, at sila'y gumawa ng malaking pamumungkahi. 27 Kaya't iyong ibinigay sila sa kamay ng kanilang mga kaaway, na siyang nagpapanglaw sa kanila: at sa panahon ng kanilang kabagabagan, ng sila'y dumaing sa iyo, iyong dininig mula sa langit; at ayon sa iyong saganang mga kaawaan ay iyong binigyan sila ng mga manligtas,

na nagligtas sa kanila sa kamay ng kanilang mga kaaway. 28 Ngunit pagkatakapos ng kanilang kapahingahan, sila'y gumawa ng kasam-an uli sa harap mo: kaya't pinabayaan mo sila sa kamay ng kanilang mga kaaway, na ano pa't sila'y nagkaroon ng pagsakop sa kanila: gayon ma'y ng sila'y bumalik, at dumaing sa iyo, iyong dininig mula sa langit; at madalas na iyong iniligtas sila ayon sa iyong mga kaawaan; 29 at sumaksi ka laban sa kanila, upang mga ibalik mo sila sa iyong kautusan: gayon ma'y gumawa sila na may kapalaluan, at hindi dininig ang iyong mga utos, kungdi nagkasala laban sa iyong mga kahatulan, (na kung gawin ng isang tawo, siya'y mabubuhay sa kanila,) at iniurong ang balik at pinatigas ang kanilang leeg, at hindi nakinig. 30 Gayon ma'y tiniis mong malon sila, at sumaksi ka laban sa kanila sa pamamag-itan ng iyong espiritu sa pamamag-itan ng iyong mga profeta: gayon ma'y hindi sila nakinig: kaya't ibinigay mo sila sa kamay ng mga bayan ng mga lupain. 31 Gayon ma'y sa iyong masaganang mga kaawaan ay hindi mo lubos na niwakasan sila, o pinabayaan man sila; sapagka't ikaw ay mapagbiyaya at maawaing Dios. 32 Ngayon nga, aming Dios, na dakila, na makapangyarihan, at kakilalabot na Dios, na nag-iingat ng tipan at kaawaan, huag mong ariing munting bagay sa harap mo ang kabagabagang dumating sa amin, sa aming mga hari, sa aming mga pangulo, at sa aming mga sacerdote, at sa aming mga profeta, at sa aming mga magulang, at sa iyong boong bayan, mula ng kapanahunan ng mga hari sa Asiria hangang sa araw na ito. 33 Gayon ma'y banal ka sa lahat na dumating sa amin; sapagka't gumawa kang may katotohanan, ngunit gumawa kaming may kasam-an: 34 kahi't ang aming mga hari, ang aming mga pangulo, ang aming mga sacerdote, o ang aming mga magulang man, hindi nag-iingat ng iyong kautusan o nakinig man sa iyong mga utos at sa iyong mga patotoo, na iyong ipinatotoo laban sa kanila. 35 Sapagka't sila'y hindi naglingkod sa iyo sa kanilang kaharian, at sa iyong malaking kagandahang-loob na iyong ipinakita sa kanila, at sa malaki at mabungang lupain na iyong ibinigay sa harap nila, o humiwalay man sila sa kanilang mga masamang gawa. 36 Narito, kami ay mga alipin sa araw na ito, at tungkol sa lu-

pain na iyong ibinigay sa aming mga magulang upang kanin ang bunga noon, at ang buti noon, narito, kami ay mga alipin doon. **37** At ang lupain ay nagbunga ng marami para sa mga hari na iyong inilagay sa amin dahil sa aming mga kasalanan: sila nama'y may kapangyarihan sa aming mga katawan, at sa aming hayop sa kanilang kasayahan, at kami ay nasa malaking kapanlawan. **38** At gayon ma'y dahil sa lahat na ito ay gumagawa kami ng isang tunay na tipan, at isinusulat namin; at tinandaan ng aming mga pangulo, ng aming mga Levita, at ng aming mga sacerdote.

**10** Yaon ngang mga nagsipagtanda ay: si Nehemias, na Tirshatha, na anak ni Hakalias, at si Zedekias; **2** si Seraya, si Azarias, si Jeremias; **3** si Pasur, si Amarias, si Malkijas; **4** si Hatus, si Sebanias, si Maluk: **5** si Harim, si Meremot, si Obadias; **6** si Daniel, si Gineton, si Baruk; **7** si Mesullam, si Abias, si Miamin; **8** si Maazias, si Bilgai, si Semaya: ang mga ito'y sacerdote. **9** At ang mga Levita: sa makatuid baga'y si Jesua na anak ni Azanias, si Binui sa mga anak ni Henadad, si Kadmiel; **10** at ang kanilang mga kapatid, si Sebanias, si Hodias, si Kelita, si Pelaya, si Hanan; **11** si Mika, si Rehob, si Hasabias; **12** si Zakur, si Serebias, si Sebanias; **13** si Hodias, si Bani, si Beninu. **14** Ang mga puno ng bayan: Si Paros, si Pahat-moab, si Elam, si Zatu, si Bani; **15** si Buni, si Azgad, si Bebai; **16** si Adonijas, si Bigvai, si Adin; **17** si Ater, si Hezekias, si Azur; **18** si Hodias, si Hasum, si Bezai; **19** Si Harif, si Anatot, si Nobai; **20** si Magpias, si Mesullam, si Hezir; **21** si Mesezabel, si Zadok, si Jadau; **22** si Pelatias, si Hanan, si Anaya; **23** Si Hosea, si Hananias, si Hasub; **24** si Hallohes, si Pilha, si Sobek; **25** si Rehum, si Hasabna, si Maaseias; **26** at si Ahias, si Hanan, si Anan; **27** si Malluk, si Harim, si Baana. **28** At ang nalabi sa bayan, ang mga sacerdote, ang mga Levita, ang mga tagatanod pinto, ang mga mang-aawit, ang mga Netinin, at lahat ng kanilang inihawalay sa mga bayan ng mga lupain sa kautusan ng Dios, ang kanilang mga asawa, ang kanilang mga anak na lalaki at babaye, bawa't may pagkakilala at kaalaman; **29** sila'y lumakip sa kanilang mga kapatid, kanilang mga mahal, at nasok sa sumpa, at sa panunumpa,

upang lumakad sa kautusan ng Dios, na nabigay sa pamamag-itan ni Moises na alipin ng Dios, at upang gumanap at gumawa ng lahat na mga utos ng PANGINOON na aming Panginoon, at ng kaniyang mga kahatulan, at ng kaniyang mga palatuntunan; **30** at hindi namin ibinigay ang aming mga anak na babaye sa mga bayan ng lupain, o kukunin man ang kanilang mga anak na babaye para sa aming mga anak: **31** at kung ang mga bayan ng lupain ay magdala ng mga kalakal o ng ano mang kakanin sa araw ng sabado upang ipagbili, na kami ay hindi bibili sa kanila sa sabado, o sa santong araw: aming ipagpapahinga ang ikapitong taon, at ang pagsingil ng bawa't utang. **32** Kami naman ay gumawa ng mga ayos sa amin, upang makibahagi sa taontaon ng ikatlong bahagi ng isang siklo para sa paglilingkod sa bahay ng aming Dios; **33** para sa tinapay na handog, at para sa palaging handog na harina, at para sa palaging handog na susunugin, sa mga sabado, sa mga bagong buan, para sa mga takdang kapistahan, at para sa mga santong bagay at para sa mga handog dahil sa kasalanan upang itubos sa Israel, at para sa lahat na gagawin sa bahay ng aming Dios. **34** At kami ay nagsapalarang laro, ang mga sacerdote, ang mga Levita, at ang bayan, para sa handog na kahoy, upang dalhin sa bahay ng aming Dios, ayon sa mga bahay ng aming mga magulang, sa mga panahong takda, taon-taon upang sunugin sa ibabaw ng altar ng PANGINOONG aming Dios, gaya ng nakasulat sa kautusan: **35** at upang dalhin ang mga unang bunga ng aming lupa, at ang mga unang bunga ng lahat na bunga ng sarisariug puno ng kahoy, taon-taon, sa bahay ng PANGINOON: **36** gayon din ang panganyay sa aming mga anak na lalaki, at sa aming hayop, gaya ng nakasulat sa kautusan, at ang mga panganyay, sa aming bakahan at sa aming mga kawan, upang dalhin sa bahay ng aming Dios, sa mga sacerdote na namamahala sa bahay ng aming Dios: **37** at aming dadalhin ang mga unang bunga ng aming harina, at ang aming mga handog na itataas, at ang bunga ng sarisaring punong kahoy, ang alak, at ang langis, sa mga sacerdote, sa mga eilid ng bahay ng aming Dios; at ang ikasampung bahagi ng aming lupa sa mga Levita; sapagka't sila, na mga Levita, kumukuha ng mga ikasampung bahagi sa

lahat na aming mga ciudad na bukiran. **38** At ang sacerdote na anak ni Aaron ay sasama sa mga Levita, pagka ang mga Levita ay kumukuha ng mga ikasampung bahagi: at isasampa ng mga Levita ang ikasampung bahagi ng mga ikasampung bahagi sa bahay ng aming Dios, sa mga silid, sa loob ng bahay ng kayamanan. **39** Sapagka't ang mga anak ng Israel, at ang mga anak ng Levi ay magdadala ng mga handog na itataas, na trigo, alak, at langis, sa mga silid, na kinaroroonan ng mga sisidlan ng santuario, at ng mga sacerdote na namamahala, at ng mga tagatanod pinto, at ng mga mang-aawit: at hindi namamin pababayaan ang bahay ng aming Dios.

**11** At ang mga pangulo ng bayan ay tumatahan sa Jerusalem: ang nalabi naman sa bayan ay nangagsapalarang laro upang magdala ng isa sa bawat sampun na tatahan sa Jerusalem na santong ciudad, at siam na bahagi sa ibang mga ciudad. **2** At pinagpala ng bayan ang lahat na mga lalaki na nagsihandog na kusa upang tumahan sa Jerusalem. **3** Ang mga ito nga ang mga puno sa lalawigan na tumahan sa Jerusalem: nguni't sa ciudad ng Juda ay tumahan bawat isa sa kaniyang pag-aari sa kanilang mga ciudad, sa makatuid baga'y, ang Israel, ang mga sacerdote, at ang mga Levita, at ang mga Netinim, at ang mga anak ng mga alipin ni Solomon. **4** At sa Jerusalem ay tumahan ang ilan sa mga anak ng Juda, at sa mga anak ng Benjamin. Sa mga anak ng Juda: si Ataya na anak ni Uzias, na anak ni Zekarias, na anak ni Amarias, na anak ni Sefatias, na anak ni Mahalalel sa mga anak ni Perez: **5** at si Maaseias na anak ni Baruk, na anak ni Col-hoze, na anak ni Hazaya, na anak ni Adaya, na anak ni Joarib, na anak ni Zekarias, na anak ng Siloneo. **6** Lahat ng anak ni Perez na tumahan sa Jerusalem, ay apat na raan at anim na puo't walo na mga matapang na lalaki. **7** At ang mga ito ang mga anak ng Benjamin: Si Sallu na anak ni Mesullam, na anak ni Joed, na anak ni Pedaya, na anak ni Kolaya, na anak ni Maaseias, na anak ni Itiel, na anak ni Jesaias. **8** At sumusunod sa kaniya, si Gabai, si Sallai, na siam na raan at dalawang puo't walo. **9** At si Joel na anak ni Zikri ay kanilang tagapagkita: at si Juda na anak ni Hasenua ay ikalawa sa ciudad. **10** Sa mga sacerdote: Si Jeda-

ya na anak ni Joarib, si Jakin, **11** si Seraia na anak ni Hilkias, na anak ni Mesullam na anak ni Zadok, na anak ni Meraiot, na anak ni Ahitub, na puno sa bahay ng Dios, **12** at ang kanilang mga kapatid na gumawa ng gagawin sa bahay, walong daan at dalawang puo't dalawa: at si Adaya na anak ni Jeroham, na anak ni Pelaiias, na anak ni Amzi, na anak ni Zekarias, na anak ni Pasur, na anak ni Malkijas, **13** at ang kaniyang mga kapatid, na mga puno sa mga bahay ng mga magulang, dalawang daan at apat na puo't dalawa: at si Amasai na anak ni Azarel, na anak ni Azai, na anak ni Mesillemot, na anak ni Imer, **14** at ang kanilang mga kapatid, na mga makapangyarihang lalaki na matapang, isang daan at dalawang puo't walo: at ang kanilang tagapagkita ay si Zabdiel na anak ni Hegedolim. **15** At sa mga Levita: Si Semaya na anak ni Hasub, na anak ni Azrikam, na anak ni Hasabias, na anak ni Buni; **16** at si Sabetai at si Jozabad, sa mga puno ng mga Levita, na siyang nangagsipamahala sa mga gagawin sa labas sa bahay ng Dios; **17** at si Matanias, na anak ni Mika, na anak ni Zabdi, na anak ni Asaf, na siyang puno upang magpasimula na magpasalamat sa panalangin, at si Bakbukias, na ikalawa sa kaniyang mga kapatid; at si Abda na anak ni Samua, na anak ni Galal, na anak ni Jedutun. **18** Lahat na mga Levita sa santong ciudad, dalawang daan at walong puo't apat. **19** Bukod dito'y ang mga tagatanod pinto, na si Akub, si Talmom, at ang kanilang mga kapatid, na nagbantay sa mga pintuang-daan, ay isang daan at pitong puo't dalawa. **20** At ang nalabi sa Israel, sa mga sacerdote, sa mga Levita, ay nasa lahat na ciudad ng Juda, hawa't isa'y sa kaniyang mana. **21** Nguni't ang mga Netinim ay tumahan sa Ofel: at si Ziha at si Gispa ay nasa mga Netinim. **22** Ang tagapagkita naman ng mga Levita sa Jerusalem ay si Uzzi na anak ni Bani na anak ni Hasabias, na anak ni Matanias, na anak ni Mika, sa mga anak ni Asaf, na mga mang-aawit, na nasa mga gagawin sa bahay ng Dios. **23** Sapagka't may utos na mula sa hari tungkol sa kanila, at takdang pagkain para sa mga mang-aawit, ayon sa kailangan sa bawat araw. **24** At si Petahias na anak ni Mesezabel, sa mga anak ni Zera, na anak ni Juda, ay nasa kamay ng hari sa lahat ng bagay na tungkol sa bayan.

25 At tungkol sa mga nayon, sampuo ng kanilang mga bukid, ang iba sa mga anak ng Juda ay tumahan sa Kiriat-arba at sa mga nayon noon, at sa Dibon, at sa mga nayon noon, at sa Jekabzeel at sa mga nayon noon; 26 at sa Jesua, at sa Molada, at sa Bet-pelet; 27 at sa Hazarsual, at sa Beer-seba, at sa mga nayon noon; 28 at sa Ziklag, at sa Mekona, at sa mga nayon noon; 29 at sa En-rimon, at sa Zora, at sa Jarmut; 30 sa Zanoa, sa Adullam, at sa mga nayon noon, sa Lakis, at sa mga lupain noon, sa Azeka at sa mga nayon noon. Gayon sila nagtayo ng kampo mula sa Beer-seba hangang sa libis ng Hinom. 31 Ang mga anak ng Benjamin naman ay tumahan mula sa Geba, sa Mikmas, at sa Aija, at sa Bet-el, at sa mga nayon noon; 32 at sa Anatot, sa Nob, sa Ananias; 33 sa Hazor, sa Rama, sa Gitaim, 34 sa Hadid, sa Zeboim, sa Neballat; 35 sa Lod, at sa Ono, na libis ng mga mangagawa. 36 At sa mga Levita, ay ibang mga bahagi sa Juda na pumisan sa Benjamin.

12 Ang mga ito nga ang mga sacerdote at ang mga Levita na sumampa na kasama ni Zerubabel na anak ni Sealtiel, at ni Jesua; 2 si Seraya, si Jeremias, si Ezra; 3 si Amarias, si Malluk, si Hatus; 4 si Sekanias, si Rehum, si Meremot; 5 si Iddo, si Ginetoi, si Abijas; 6 si Mijamin, si Maadias, si Bilga; 7 si Semayas, at si Joiarib, si Jedaya; 8 si Sallu, si Amok, si Hilkias, si Jedaya. Ang mga ito ang mga puno sa mga sacerdote at sa kanilang mga kapatid sa mga kaarawan ni Jesua. 9 Bukod dito'y ang mga Levita: si Jesua, si Binni, si Kadmiel, si Serebias, si Juda, at si Matanias, na nasa sa pagpapasalamat, siya at ang kaniyang mga kapatid. 10 Si Bakkukias naman at si Unno, ang kanilang mga kapatid, ay nangasa sa tapat nila sa mga pagbabantay. 11 At ipinanganak ni Jesua si Joiakim, at ipinanganak ni Joiakim si Eliasib, at ipinanganak ni Eliasib si Joiada, 12 at ipinanganak ni Jonatan si Jadua. 13 At sa mga kaarawan ni Joiakim, mga sacerdote, mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang: Kay Serayas, si Merayas; kay Jeremias, si Hananias; 14 kay Ezra, si Mesullam; kay Amarias, si Jehohanani; 15 kay Maluki si Jonatan; kay Sebanias, si Jose; 16 kay Harim, si Adna; kay Merayot, si Helkai; 17 kay Iddo, si Zekarias; kay Ginneton, si Me-

sullam; 17 kay Abijas si Zikri: kay Miniamin, kay Moadias, si Piltai; 18 kay Bilga, si Samua; kay Semaya si Jehonatan; 19 at kay Joiarib, si Matenai; kay Jedaya, si Uzzi; 20 kay Sallai, si Kallai; kay Amok, si Eber; 21 kay Hilkias, si Hasabias; kay Jedaya si Netanel. 22 Ang mga Levita sa mga kaarawan ni Eliasib, ni Joiada, at ni Johanan, at ni Jadua, ay nangasulat na mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang: gayon din ang mga sacerdote sa paghahari ni Darius na Persia. 23 Ang mga anak ni Levi, na mga pangulo sa mga bahay ng mga magulang, ay nangasulat sa libro ng mga buhay hangang sa mga araw ni Johanan na anak ni Eliasib. 24 At ang mga puno ng mga Levita: si Hasabias, si Serabias, si Jesua na anak ni Kadmiel, na may mga kapatid na nasa tapat nila, upang pumuri at magpasalamat, ayon sa utos ni David na lalaki ng Dios, na bantay at bantay. 25 Si Matanias, at si Bakkukias, si Obadias, si Mesullam, si Talmon, si Akub, ay mga tagatanod pinto, na nagbabantay sa mga kamalig ng mga pintuang-daan. 26 Ang mga ito'y sa mga kaarawan ni Joiakim, na anak ni Jesua, na anak ni Jozadak, at sa mga kaarawan ni Nehemias na gobernador, at ni Ezra na sacerdote na kalihim.

27 At sa pagtatalaga ng kuta ng Jerusalem ay kanilang hinanap ang mga Levita mula sa lahat nilang mga lugar, upang dalhin nila sila sa Jerusalem, na ipagdiwang ang pagtatalaga na may kasayahan, na may mga pagpapasalamat, at may mga awitan, may mga cimbalong, mga salterio, at may mga alpa. 28 At ang mga anak ng mga mang-aawit ay nagpipisan mula sa kapatagan ng palibot ng Jerusalem, at mula sa mga nayon ng mga Netofatita; 29 mula rin naman sa Bet-gilgal, at mula sa mga parang ng Geba at ng Azmavet: sapagka't mga itinayo ng mga mang-aawit ang mga nayon sa palibot ng Jerusalem. 30 At ang mga sacerdote at ang mga Levita ay nangagpakalinis; at kanilang nilinis ang bayan, at ang mga pintuang-daan, at ang kuta. 31 Ng magkagayo'y isinampa ko ang mga pangulo sa Juda sa ibabaw ng kuta at inihalal ko sila sa dalawang malaking pulutong na nangapasalamat at yumaong sunodsunod; na ang isa'y humalakad sa kanan sa ibabaw ng kuta sa dako ng pintuang-daan ng tabihian: 32 at sumusunod sa kanila si Hosaya, at ang kalahati sa mga pangulo ng

Juda, **33** at si Azarias, si Ezra, at si Mesullam, **34** si Juda at si Benjamin, at si Semaya, at si Jeremias; **35** at ang iba sa mga anak ng mga sacerdote na may mga pakakak: si Zekarias na anak ni Jonatan, na anak ni Semaya, na anak ni Matanias, na anak ni Mikaya, na anak ni Zakur, na anak ni Asaf; **36** at ang kaniyang mga kapatid, si Semaya, at si Azarel, si Milalai, si Gilalai, si Maai, si Netanel, at si Juda, si Hanani, na may mga instrumento ng musika ni David na lalaki ng Dios; at si Ezra na kalihim ay nasa unahan nila: **37** at sa tabi ng pintuang-daan ng bukal, at tumuid sila, sila'y sumampa sa mga baitang ng ciudad ni David sa sampahan sa kuta, sa ibabaw ng bahay ni David, hangang sa pintuang-daan ng tubig sa dakong sila-nganan. **38** At ang isang kawal nila na nagpapasalamat ay yumaong sinalubong sila, at ako'y sa hulihan nila, na kasama ko ang kalahati ng bayan sa ibabaw ng kuta, sa itaas ng moog ng mga hurno, hangang sa maluang na kuta; **39** at sa ibabaw ng pintuang-daan ng Efraim, at sa dating pintuang-daan at sa pintuang-daan ng isda, at sa moog ng Hananel, at sa moog ng Hammea, hangang sa pintuang-daan ng mga tupa: at sila'y tumayong nakatigil sa pintuang-daan ng bantay. **40** Sa gayo'y tumayo ang dalawang pulutong nila na nagpapasalamat sa bahay ng Dios, at ako, at ang kalahati sa mga puno na kasama ko: **41** at ang mga sacerdote, si Eliakim, si Maaseya, si Miniamin, si Mikaya, si Elieoenai, si Zekarias, at si Hananias, na may mga pakakak; **42** at si Maaseya, at si Semaya, at si Eleazar, at si Uzzi, at si Jehohanan, at si Malkijas, at si Elam, at si Ezer. At ang mga mang-aawit ay umawit ng malakas, na kasama si Jezrahias, na tagapamahala sa kanila. **43** At sila'y naghandog ng malalaking hayin ng araw na yaon, at nagalak; sapagka't sila'y pinagalak ng Dios ng malalaking kagalakan; at ang mga babaye naman at ang mga bata ay nagalak: na ano pa't ang kagalakan ng Jerusalem ay narinig hangang sa malayo.

**44** At ng araw na yaon ay nahalal ang ilan sa mga lalaki sa mga silid para sa mga kayamanan, para sa mga handog na itataas, para sa mga unang bunga, at para sa mga ika-ampung bahagi, upang pisanin sa mga yaon, ayon sa mga bukid ng mga ciudad, na mga bahaging takda ng kautusan para sa mga sacerdote at mga

Levita: sapagka't kinagagalakan ng Juda ang mga sacerdote at mga Levita na nagsisipaghintay. **45** At sila'y nag-iingat ng pagbabantay sa kanilang Dios, at ng pagbabantay sa paglilinis, at gayong ginawa ng mga mang-aawit at mga tagatanod pinto, ayon sa utos ni David, at ni Solomon na kaniyang anak. **46** Sapagka't sa mga kaarawan ni David at ni Asaf ng una ay may puno sa mga mang-aawit, at mga awit na pagpuri at pasasalamat sa Dios. **47** At ang boong Israel sa mga kaarawan ni Zerubabel, at sa mga kaarawan ni Nehemias, nagbigay ng mga bahagi ng mga mang-aawit, at mga tagatanod pinto, ayon sa kailangan sa bawat araw: at kanilang pinapaging santo para sa mga Levita; at pinapaging santo ng mga Levita para sa mga anak ni Aaron.

**13** Ng araw na yaon ay binasa nila sa libro ni Moises sa pakinig ng bayan; at doo'y nasumpungang nakasulat, na ang Ammonita at Moabita, ay huag papasok sa kapisanan sa Dios magpakailan man; **2** sapagka't hindi nila sinalubong ang mga anak ng Israel ng tinapay at ng tubig, kungdi inupahan si Balaam laban sa kanila, upang sumpain sila: gayon ma'y pinapaging pagpapala ng aming Dios ang sumpa. **3** At nangyari, ng kanilang maring ang kautusan, na inihawalay nila sa Israel ang boong karamihang halohalo.

**4** Bago nga nangyari ito, si Eliasib na sacerdote, na nahalal sa mga silid ng bahay ng aming Dios, na may pakikipagkasundo kay Tobias, **5** ipinaghanda siya ng isang malaking silid, na kinasisidlan ng una ng mga handog na harina, ng mga kamanyan, at ng mga sisidlan, at ng mga ikasampung bahagi ng trigo, ng alak, at ng langis, na nabigay sa pamamagitan ng utos sa mga Levita, at sa mga mang-aawit, at sa mga tagatanod pinto; at ang mga handog na itataas para sa mga sacerdote. **6** Ngunit sa boong panahon ito ay wala ako sa Jerusalem: sapagka't sa ikatatlong puo't dalawang taon ni Artaxerxes na hari sa Babilonia ay naparoon ako sa hari, at pagkatapos ng ilang araw ay nagpaalam ako sa hari: **7** at ako'y naperoon sa Jerusalem, at nalaman ko ang kasam-ang ginawa ni Eliasib tungkol kay Tobias, sa paghahanda niya sa kaniya ng isang silid sa mga looban ng bahay ng Dios. **8** At ikinapanlaw kong mainam: kaya't aking inihagis ang labot na kangsangkapan ni Tobias sa labas ng silid.

9 Ng magkagayo'y nag-utos ako at nilinis nila ang mga silid; at dinala ko uli roon ang mga sisidlan ng bahay ng Dios, sampuo ng mga handog na harina at ng kamanyan. 10 At nahalata ko na ang mga bahagi ng mga Levita ay hindi nangabigay sa kanila; na ano pa't ang mga Levita, at ang mga mang-aawit na gumagawa ng gagawin, nangagsitakas bawa't isa sa kaniyang bukid. 11 Ng magkagayo'y nakipagtalo ako sa mga puno, at sinabi kong: Bakit pinabayaan ang bahay ng Dios? At pinisan ko sila at mga inilagay sa kanilang lugar. 12 Ng magkagayo'y dinala ng boong Juda ang ikasampuong bahagi ng trigo, at ng alak, at ng langis, sa mga ingatang-yaman. 13 At naglagay ako ng mga kajero sa mga ingatang-yaman, si Selemias na sacerdote, at si Zadok na kalihim, at sa mga Levita, si Pedaya: at kasunod nila ay si Hanan na anak ni Zakur, na anak ni Matanias: sapagka't sila'y nabilang na tapat, at ang kanilang mga katungkulan ay magbahagi sa kanilang mga kapatid. 14 Alalahanin mo ako, Oh aking Dios, tungkol dito, at huag mong pawiin ang aking mga mabuting gawa na aking ginawa para sa bahay ng aking Dios, at para sa mga pagmamaisid doon.

15 Ng mga araw na yaon ay nakita ko sa Juda ang ilang nagpipisa sa mga uvasan ng sabado, at nagdadala ng mga uhay, at nangasasakay sa mga asno; gaya naman ng alak, mga uvas, at mga higos, at lahat na sarisaring pasan, na kanilang ipinapasok sa Jerusalem ng araw ng sabado: at ako'y nagpatotoo laban sa kanila sa kaarawan na kanilang ipinagbibili ang mga pagkain. 16 Doo'y tumatahan naman ang mga tawong taga Tiro, na nagpapasok ng isda, at ng sarisaring kalakal, at nagbibili sa sabado sa mga anak ng Juda, at sa Jerusalem. 17 Ng magkagayo'y nakipagtalo ako sa mga maginoo sa Juda, at sinabi ko sa kanilang: Anong masamang bagay itong inyong ginagawa, at inyong dinudumhan ang araw ng sabado? 18 Hindi ba gumawa ng ganito ang inyong mga magulang, at hindi ba dinala ng ating Dios ang boong kasamang ito sa atin, at sa ciudad na ito? gayon ma'y nagdala pa kayo ng higit na pag-iinit sa Israel, sa pagdudumi ng sabado. 19 At nangyari, na ng ang pintuang-daan ng Jerusalem ay magpasimulang magdilim bago ng sabado, aking iniutos na ang mga pinto ay sarhan, at iniutos ko na

huag nilang buksan hangang sa makaraan ang sabado: at ang ilan sa aking mga alipin ay inilagay ko sa mga pintuang-daan, upang walang maipasok na pasan sa araw ng sabado. 20 Sa gayo'y ang mga mangangalakal at manininda ng sarisaring kalakal, ay nangatigil sa labas ng Jerusalem na minsan o makalawa. 21 Ng magkagayo'y nagpatotoo ako laban sa kanila, at nagsabi sa kanilang: Bakit tumitigil kayo sa may kuta? kung kayo'y gumawa uling ganiyan, aking pagbubuhatan ng kamay kayo. Mula ng panahong yaon ay hindi na sila naparoon pa ng sabado. 22 At ako'y nag-utos sa mga Levita na sila'y manggapakalinis, at sila'y pumaroon, at ingatan ang mga pintuang-daan, upang ipangilin ang araw ng sabado. Alalahanin mo ako, Oh aking Dios, dito naman, at kahabagan mo ako ayon sa kalakhan ng iyong kaawaan.

23 Ng mga araw namang yaon ay nakita ko ang mga Judio na nag-aasawa sa mga babaye sa Asdod, sa Ammon, at sa Moab: 24 at ang kanilang mga anak ay nagsasalita ng kaonti ng wikang Asdod, at hindi makapagsalita ng wikang Judio, kungdi ayon sa wika ng bawa't bayan. 25 At ako'y nakipagtalo sa kanila, at sinumpa ko sila, at sinugatan ko ang iba sa kanila, at inahit ko ang kanilang buhok, at pinasumpa ko sila sa pamamag-itan ng Dios, na sinabi kong: Kayo'y huag magbibigay ng inyong mga anak na babaye sa kanilang mga anak na lalaki, o kukuha man ng kanilang mga anak na babaye para sa inyong mga anak na lalaki, o para sa inyong sarili. 26 Hindi ba nagkasala si Solomon na hari sa Israel sa pamamag-itan ng mga bagay na ito? gayon man sa gitna ng maraming mga nasyon ay walang haring gaya niya; at siya'y minamahal ng kaniyang Dios, at ginawa siyang hari ng Dios sa boong Israel: gayon ma'y pinapagkasala rin siya ng mga babayeng taga ibang lupa. 27 Didingin nga ba namin kayo na inyong gawin ang lahat na malaking kasam-ang ito, upang sumalangsang laban sa ating Dios sa pag-aasawa sa mga babayeng taga ibang lupa? 28 At isa sa mga anak ni Joiada, na anak ni Eliasib na dakilang sacerdote, ay manungang ni Sanbalat na Horonita: kaya't aking itinaboy sa akin. 29 Alalahanin mo sila, Oh aking Dios, sapagka't kanilang dinumhan ang pagkasacerdote, at ang tipan ng pagkasacerdote, at ng sa mga Levita.

**30** Ganito ko nilinis sila sa lahat ng taga ibang lupa, at nagtakda ako ng mga katungkulan sa mga sacerdote at sa mga Levita, na bawa't isa'y sa kaniyang gaga-

win; **31** at tungkol sa handog na kahoy, sa mga takdang panahon, at tungkol sa mga unang bunga. Alalahanin mo ako, Oh aking Dios, sa ikabubuti.

## ANG

## LIBRO NI ESTER.

**1** Nangyari nga, sa mga kaarawan ni Ahasuerus, (ito ang Ahasuerus na nag-hari, mula sa India hangang sa Etiopia, sa isang daan at dalawang puo't pitong lalawigan;) **2** na sa mga araw na yaon, ng ang haring Ahasuerus ay maupo sa luklukan ng kaniyang kaharian, na nasa Susa na palacio, **3** sa ikatlong taon ng kaniyang paghahari, siya'y gumawa ng isang kapistahan sa kaniyang lahat na mga pangulo, at mga lingkod niya; ang kapangyarihan ng Persia at Media, ang mga mahal at mga pangulo ng mga lalawigan ay nangasa harap nga niya: **4** ng kaniyang ipakita ang mga kayamanan ng kaniyang malualhating kaharian at ang dilag ng kaniyang marangal na kamahalan na malaong araw na, isang daan at walong puong araw. **5** At ng matupad ang mga araw na ito, ang hari ay gumawa ng isang kapistahan sa boong bayan na nakaharap sa Susa na palacio, malaki at gayon din ang maliit, na pitong araw, sa looban ng halamanan ng palacio ng hari; **6** na kinatatabingang ng kayong puti, ng verde, at azul, na naiipit ng mga panaling pinong kayong puti at morado sa mga singsing na pilak at mga haliging marmol: ang mga hiligan ay ginto at pilak, sa isang lapag na mapula, at maputi, at madilaw, at maitim na marmol. **7** At sila'y nagbigay sa kanila ng inumin sa mga sisidlang ginto (ang mga sisidlang ay magkakaiba,) at alak-hari na sagana, ayon sa kagandahang-loob ng hari. **8** At ang pag-inom ay ayon sa kautusan; walang makapagsasalin: sapagka't gayon itinakda ng hari sa lahat na mga oficial ng kaniyang bahay, na kanilang gawin ayon sa kasayahan ng bawa't isa. **9** Si Vasti na reina naman ay gumawa ng kapistahan para sa mga babaye sa bahay-hari na ukol sa haring Ahasuerus. **10** Sa ikapitong araw, ng ang puso ng hari ay masaya-

han sa pamamag-itan ng alak, kaniyang iniutos kay Mehuman, kay Bizta, kay Harbona, kay Bigta, at kay Abagta, kay Zetar, at kay Karkas, na pitong kamarero na naglilingkod sa harap ng haring Ahasuerus, **11** na dalhin si Vasti na reina na may koronang pagkareina sa harap ng hari, upang ipakita sa mga bayan at sa mga pangulo ang kaniyang kagandahan: sapagka't siya'y may magandang anyo. **12** Ngunit ang reina Vasti ay tumangi na pumaroon sa utos ng hari sa pamamag-itan ng mga kamarero: kaya't ang hari ay nag-iinit na mainam, at ang kaniyang galit ay nag-alab sa kaniya. **13** Ng magkagayo'y sinabi ng hari sa mga pantas na nakakaalam ng mga panahon, (sapagka't gayon ang paraan ng hari sa lahat na nakakaalam ng kautusan at ng kahatulan; **14** at ang sununod sa kaniya ay si Karsena, si Setar, si Admata, si Tarsis, si Meres, si Marsena, at si Memukan, na pitong pangulo sa Persia at Media, na nakakakita ng mukha ng hari, at naupong una sa kaharian;) **15** Anong ating gagawin sa reina Vasti ayon sa kautusan, sapagka't hindi niya sinunod ang bilin ng haring Ahasuerus sa pamamag-itan ng mga kamarero? **16** At si Memukan ay sumagot sa harap ng hari at ng mga pangulo: Ang reina Vasti ay hindi lamang sa hari gumawa ng kamalian, kungdi naman sa lahat na pangulo, at sa lahat ng bayan na nasa lahat na lalawigan ng haring Ahasuerus. **17** Sapagka't ang gawang ito ng reina ay kakalat sa lahat ng babaye, upang walang kabuluhan ang kanilang mga asawa sa kanilang mga mata, pagka nabalitang: Ang haring Ahasuerus ay nag-utos kay Vasti na reina, upang dalhin sa harap niya, ngunit hindi siya naparoon. **18** At sa araw na ito ay ang lahat na asawa ng mga pangulo sa Persia at Media, na nakabalita ng gawang



ito ng reina ay magsasabi ng gayon sa lahat na pangulo ng hari. Na ano pa't pagbabangunang ng maraming pagkawala ng kabuluhan at ng pag-iinit. 19 Kung kalulugdan ng hari, maglabas ng utos hari sa ganang hari, at isulat sa mga kautusan ng mga Persia at mga Medo, upang huag mabago, na si Vasti ay huag ng pumaroon sa harap ng haring Ahasuerus; at ibigay ng hari ang kaniyang kalagayang pagkahari sa iba na maigi kay sa kaniya. 20 At pagka ang pasiya ng hari na kaniyang gagawin ay mahahayag sa lahat niyang kaharian, (sapagka't malaki,) lahat ng babaye ay magbibigay sa kanilang mga asawa ng karangalau, sa malaki at gayon din sa maliit. 21 At ang sabi ay nakalugod sa hari at sa mga pangulo; at ginawa ng hari ang ayon sa salita ni Memukan: 22 sapagka't siya'y nagpadala ng mga sulat sa lahat ng lalawigan ng hari, sa bawata lalawigan, ayon sa sulat noon, at sa bawata bayan ayon sa kanilang wika, na ang bawata lalaki ay magpupuno sa kaniyang sariling bahay, at mahahayag ayon sa wika ng kaniyang bayan.

2 Pagkatapos ng mga bagay na ito, ng ang pag-iinit ng haring Ahasuerus ay mapayapa, kaniyang inalala si Vasti, at kung ano ang kaniyang ginawa, at kung ano ang ipinasiya laban sa kaniya. 2 Ng magkagayo'y sinabi ng mga lingkod ng hari na mamamahala sa kaniya: Ihanap ng mga magandang batang dalaga ang hari: 3 at maghalal ang hari ng mga oficial sa lahat ng lalawigan ng kaniyang kaharian, upang kanilang mapisan ang lahat na magandang batang dalaga sa Susan na palacio, sa bahay ng mga babaye, sa pamamahala ni Hegai, kamarero ng hari, na tagapag-ingat ng mga babaye; at ibigay sa kanila ang kanilang mga bagay sa paglilinis: 4 at ang dalaga na kalugdan ng hari ay maging reina sa lugar ni Vasti. At ang bagay ay nakalugod sa hari; at ginawa niyang gayon.

5 May isang Judio sa Susan na palacio, na ang pangala'y Mordekai, na anak ni Jair, na anak ni Simei, na anak ni Kis, na Benjamita; 6 na nadala mula sa Jerusalem na kasama ng mga bihag na nadalang kasama ni Jekonias na hari sa Juda, na dinala ni Nebukadnezar na hari sa Babilonia. 7 At pinalaki niya si Hadasa, sa makatuid baga'y si Ester, na anak na babaye ng kaniyang amain: sapagka't siya'y wala kabi't ama o ina man, at

ang dalaga ay maganda at may mabuting anyo; at ng mamatay ang kaniyang ama't ina, kinuha siya na pinakaanak na sarili ni Mordekai. 8 Sa gayo'y nangyari, ng marinig ang utos ng hari at ang kaniyang pasiya, at ng ang maraming dalaga ay napipisan sa Susan na palacio, sa pamamahala ni Hegai, na si Ester ay nadala sa bahay ng hari, sa pamamahala ni Hegai, na tagapag-ingat sa mga babaye. 9 At ang dalaga ay nakalugod sa kaniya, at siya'y nagtamo ng kagandahang-loob niya; at nagbigay siyang madali sa kaniya ng mga bagay sa paglilinis, sampuo ng mga bahagi niya, at ang pitong dalaga na marapat na ibigay sa kaniya, na mula sa bahay ng hari: at ibinago niya siya at ang kaniyang mga dalaga sa pinakamahasay na lugar ng bahay ng mga babaye. 10 Hindi ipinakilala ni Ester ang kaniyang bayan o ang kaniyang kamag-anak man: sapagka't ibinilin sa kaniya ni Mordekai na huag niyang ipakilala. 11 At si Mordekai ay lumakad bawata araw sa harap ng looban ng bahay ng mga babaye, upang malaman kung anong ginagawa ni Ester, at kung ano ang mangyayari sa kaniya. 12 Ng ang paghalili nga ng bawata dalaga ay dumating upang pasukin ang haring Ahasuerus, pagkatapos na magawa sa kaniya ang ayon sa kautusan sa mga babaye, na labing dalawang buan, (sapagka't ganito nagaganap ang mga araw ng kanilang paglilinis, sa makatuid baga'y, anim na buan na mirra, at anim na buan na may langis na mirra, at anim na buan na may masarap na pabango, at ng mga bagay para sa paglilinis ng mga babaye,) 13 sa ganito ngang paraan naparoroon ang dalaga sa hari, na ano mang kaniyang nasain ay ibinibigay sa kaniya upang yumaong kasama niya na mula sa bahay ng mga babaye hangang sa bahay ng hari. 14 Sa kinahapunan ay naparoroon siya, at sa kinaumagahan ay nagbabalik siya sa ikalawang bahay ng mga babaye, sa pamamahala ni Saasgaz, na kamarero ng hari, na nag-iingat ng mga babaye: hindi na niya pinapasok ang hari, malibang ang hari ay nalugod sa kaniya, at siya'y tawagin sa pamamag-itan ng pangalan. 15 Ng ang paghalili nga ni Ester, na anak ni Abihail, na amain ni Mordekai, na nag-ari kay Ester na anak niya, ay dumating upang pasukin ang hari, wala siyang hininging ano man, kungdi ang ibinigay ni Hegai na kamarero ng hari, na tagapag-ingat ng mga babaye. At si Ester ay

nagtamo ng kagandahang-loob sa paningin ng lahat na nakatingin sa kaniya. **16** Sa gayo'y nadala si Ester sa baring Ahasuerus sa loob ng kaniyang babay-hari, sa ikasampung buan, na siyang buan ng Tebet, sa ikapitong taon ng kaniyang paghahari. **17** At sininta ng hari si Ester ng higit kay sa lahat na mga babaye, at siya'y nagtamo ng biyaya at kagandahang loob sa kaniyang paningin na higit kay sa lahat na mga dalaga, na ano pa't kaniyang ipinutong ang koronang pagkareina sa kaniyang ulo, at ginawa siyang reina sa lugar ni Vasti. **18** Ng magkagayo'y gumawa ang hari ng malaking kapistahan sa kaniyang lahat na pangulo at kaniyang mga lingkod, na kapistahan ni Ester; at siya'y gumawa ng pagpapatawad ng sala sa mga lalawigan, at nagbigay ng mga kaloob, ayon sa kagandahang-loob ng hari. **19** At ng ang mga dalaga ay mapisan na ikalawa, naupo nga si Mordekai sa pintuang-daan ng hari. **20** Hindi pa ipinakilala ni Ester ang kaniyang kamag-anakan o ang kaniyang bayan man; ayon sa ibinilin sa kaniya ni Mordekai: sapagka't ginawa ni Ester ang utos ni Mordekai, na gaya ng siya'y palakihing kasama niya. **21** Ng mga araw na yaon, samantalang nauupo si Mordekai sa pintuang-daan ng hari, dalawa sa kamerero ng hari, si Bigtan at si Teres, sa mga nag-iingat ng pintuan, ay nagsisipag-iinit, at nag-aakalang buhatan ng kamay ang haring Ahasuerus. **22** At ang bagay ay nalaman ni Mordekai na nagturo kay Ester na reina; at sinaysay ni Ester sa hari, sa pangalan ni Mordekai. **23** At ng ang bagay ay siyasatin, at masumpungang gayon, sila'y kapua binigti sa puno ng kahoy: at nasulat sa libro ng mga alaala sa harap ng hari.

**3** Pagkatapos ng mga bagay na ito ay pinalaki ng haring Ahasuerus si Haman na anak ni Hamedata na Agageo, at pina-taas siya, at inilagay ang kaniyang upuan na higit kay sa lahat na mga pangulo na kasama niya. **2** At lahat ng alipin ng hari na nasa pintuang-daan ng hari, yumukod, at gumalang kay Haman; sapagka't iniutos ng haring gayon tungkol sa kaniya. Nguni't si Mordekai ay hindi yumukod, o gumalang man sa kaniya. **3** Ng magkagayo'y sinabi ng mga alipin ng hari na nasa pintuang-daan ng hari kay Mordekai, Bakit mo sinasalangang ang utos ng hari? **4** Nangyari nga, ng sila'y magsalita araw-araw sa kaniya, at

hindi niya dingin sila, na kanilang sinaysay kay Haman, upang tingnan kung matatayo ang bagay ni Mordekai: sapagka't sinaysay niya sa kanila na siya'y Judio. **5** At ng makita ni Haman na si Mordekai ay hindi yumuyukod, o gumagalang man sa kaniya, napuspos nga ng pag-iinit si Haman. **6** Nguni't inakala niyang walang kabuluhan na pagbubatan ng kamay si Mordekai na mag-isa; sapagka't ipinakilala sa kaniya ng hayan si Mordekai: kaya't inisip ni Haman na lipulin ang lahat na Judio na nasa buong kaharian ni Ahasuerus, ang bayan ni Mordekai. **7** Sa unang buan, na siyang buan ng Nisan, sa ikalabing dalawang taon ng haring Ahasuerus, kanilang pinagapalarang laro nga si Pur sa harap ni Haman sa araw-araw, at sa buan buan, hangang sa ikalabing dalawang buan, na siyang buan ng Adar. **8** At sinabi ni Haman sa haring Ahasuerus: May isang bayang nakakalat at nakasabog sa gitna ng mga bayan sa lahat ng lalawigan ng iyong kaharian: at ang kanilang kautusan ay kaiba sa bawa't bayan; at hindi iniingatan man nila ang mga kautusan ng hari: kaya't hindi ukol sa hari na mga tisisin. **9** Kung katugdan ng hari, masulat na sila'y malipol: at ako'y magbabayad ng sampung libong talentong pilak sa mga kamay niyaong mga may katungkulan sa mga gagawin ng hari, upang dalhin sa mga ingatang-yaman ng hari. **10** Ng magkagayo'y kinulala ng hari ang kaniyang singsing sa kaniyang kamay, at ibinigay kay Haman na anak ni Hamedata na Agageo, na kaaway ng mga Judio. **11** At sinabi ng hari kay Haman: Ang pilak na nabigay ay magiging iyo at sa bayan upang gawin mo sa mga yaon kung ano ang inaakala mong mabuti sa iyo. **12** Ng magkagayo'y tinawag ang mga kalihim ng hari sa unang buan sa ikalabing tatlong araw noon, at nangasusulat ayon sa lahat na iniutos ni Haman sa mga satrapa ng hari, at sa mga gobernador na nasa bawa't lalawigan, at sa mga pangulo ng bawa't bayan, sa bawa't lalawigan ayon sa sulat noon, at sa bawa't bayan ayon sa sulat ng wika; sa pangalan ng haring Ahasuerus nasulat, at data-takan ng singsing ng hari. **13** At ang mga sulat ay ipinadala sa pamamagitan ng mga correo sa lahat ng mga lalawigan ng hari, upang gibain, upang patayin, at upang lipulin ang lahat na Judio, ang bata at gayon din ang matanda, ang mga bata at ang mga babaye sa isang araw,

sa ikalabing tatlong araw ng ikalabing dalawang buan, na siyang buan ng Adar, at upang kumuha ng samsam sa kanila na pinakahuli. 14 Isang salin ng sulat ay nahayag sa lahat ng bayan, upang ang pasiya ay mahayag sa bawat lalawigan, na sila'y humanda sa araw na yaon. 15 Ang sugo ay lumabas na madalian sa utos ng hari, at ang pasiya ay natanyag sa Susan na palacio: at ang hari at si Haman ay naupo upang uminom; nguni't ang ciudad ng Susan ay natitigilan.

4 Ng malaman nga ni Mordekai ang lahat na nagawa, hinapak ni Mordekai ang kaniyang mga suot, at nanamit ng kayong magaspang na may mga abo, at lumabas sa gitna ng ciudad, at humiyaw ng malakas at mapait na hiyaw: 2 at siya'y naparoon hangang sa harap ng pintuang-daan ng hari: sapagka't walang makapasok sa loob ng pintuang-daan ng hari na nakapanamit ng magaspang na kayo. 3 At sa bawat lalawigan, na kinaratingan ng utos ng hari at ng kaniyang pasiya, nagkaroon ng malaking panaghoy sa gitna ng mga Judio, at ng pag-aayuno, at ng pag-iyak, at ng pagtaghoy; at marami ay nanamit ng kayong magaspang at mga abo. 4 At ang mga dalaga ni Ester at ang kaniyang mga kamarero ay naparoon, at isinaysay sa kaniya; at ang reina ay namanlaw na mainam: at siya'y nagpadala ng bihisan upang isuot ni Mordekai, at upang hubarin ang kaniyang kayong magaspang: nguni't hindi niya tinanggap. 5 Ng magkagayo'y tinawag ni Ester si Hatak, isa sa mga kamarero ng hari, na siya niyang inihalal na mag-ingat sa kaniya, at binilinan niyang pumaroon kay Mordekai, upang malaman kung ano yaon, at kung bakit gayon. 6 Sa gayo'y nilabas nga ni Hatak si Mordekai, sa lual na lugar ng ciudad, na nasa harap ng pintuang-daan ng hari. 7 At isinaysay sa kaniya ni Mordekai ang lahat na nangyari sa kaniya, at ang lubos na kabilangan ng salapi na ipinangako ni Haman na ibayad sa mga ingatang-yaman ng hari para sa mga Judio, upang lipulin sila. 8 Binigyan niya siya naman ng salin ng pasiya na natanyag sa Susan upang lipulin sila, upang ipakilala kay Ester, at ihayag sa kaniya: at upang ibilin sa kaniya na siya'y paroon sa hari upang mamanhik sa kaniya, at upang hingin sa kaniya, dahil sa kaniyang bayan. 9 At si Hatak ay

naparoon, at isinaysay kay Ester ang mga salita ni Mordekai. 10 Ng magkagayo'y nagsalita si Ester kay Hatak, at binigyan siya ng pasabi kay Mordekai, na sinabing: 11 Lahat ng alipin ng hari at ang bayan ng mga lalawigan ng hari ay nakakaaban, na sino man, maging lalaki o babaye, paroroon sa hari sa pinakaloob na looban, na hindi tinatawag, may isang kautusan sa kaniya, na siya'y patayin, liban yaong pag-unatan ng hari ng gintong cetro, upang siya'y mabuhay: nguni't hindi ako tinawag na pumarito sa hari ng tatlong puong araw na ito. 12 At isinaysay nila kay Mordekai ang mga salita ni Ester. 13 Ng magkagayo'y pinabalikang sagot sila ni Mordekai kay Ester: Huag mong isipin sa iyong sarili na ikaw ay makatataanan sa bahay ng hari, ng higit kay sa lahat na mga Judio. 14 Sapagka't kung ikaw ay lubos na tumahimik sa panahong ito, magbabangon nga ang tulong at kaligtasan sa mga Judio sa ibang lugar, nguni't ikaw at ang bahay ng iyong magulang ay mapapahamak: at sinong nakakaalam kung ikaw ay hindi naparito sa kaharian para sa panahong gaya nito? 15 Ng magkagayo'y nagpabalik ng sagot si Ester kay Mordekai: 16 Ikaw ay yumaon, pisanin mo ang lahat na Judio, na nangkaharap sa Susan, at ipag-ayuno ninyo ako, at huag kayong kumain o uminom man na tatlong araw, gabi o araw: ako naman at ang aking mga dalaga ay mag-aayuno ng gayon ding paraan; at sa gayo'y papasukin ko ang hari, na hindi ayon sa kautusan: at kung ako mamatay ay mamatay. 17 Sa gayo'y yumaon si Mordekai at ginawa ang ayon sa lahat na iniutos ni Ester sa kaniya.

5 Nangyari nga sa ikatlong araw, na nagsuot si Ester ng kaniyang bihisan pagkareina, at tumayo sa pinakaloob ng bahay ng hari, sa tapat ng bahay ng hari: at ang hari, ay naupo sa kaniyang luklukang hari sa bahay-hari, sa tapat ng pasukan sa bahay. 2 At magkagayon, ng makita ng hari si Ester na reina na nakatayo sa looban, na siya'y nagtamo ng biyaya sa kaniyang paningin: at inuhat ng hari kay Ester ang gintong cetro na nasa kaniyang kamay. Sa gayo'y lumapit si Ester, at hinipo ang dulo ng cetro. 3 Ng magkagayo'y sinabi ng hari sa kaniyang: Anong ibig mo, reina Ester? at ano ang iyong hiling? mabibigay sa iyo kahi't kalahati ng kaharian. 4 At sinabi ni Ester; Kung inaakalang mabuti ng hari, puma-

roon sa araw na ito ang hari at si Haman sa kasayahan na aking inihanda sa kaniya. **5** Ng magkagayo'y sinabi ng hari: Pa-pagmadaliin si Haman, upang magawa ang gaya ng sinabi ni Ester. Sa gayo'y pumaroon ang hari at si Haman sa kasayahan na inihanda ni Ester. **6** At sinabi ng hari kay Ester sa kasayahan sa alak: *¿* Ano ang iyong hingi? at ipagkakaloob sa iyo: *¿* at ano ang iyong hiling? kahi't kalahati ng kaharian ay ipagkakaloob. **7** Ng magkagayo'y sumagot si Ester, at nagsabing: Ang aking hingi at aking hiling ay ito; **8** kung ako'y nakasampung ng biyaya sa paningin ng hari, at kung kinalugdan ng hari na ipagkaloob ang aking hingi, at tuparin ang aking hiling, pumaroon *nā* ang hari at si Haman sa kasayahan na aking ihahanda sa kanila, at aking gagawin bukas na gaya ng sinabi ng hari. **9** Ng magkagayo'y lumabas si Haman ng araw na yaon na galak at may masayang puso: nguni't ng makita ni Haman si Mordekai sa pintuang-daan ng hari, na siya'y hindi tumayo o kumilos man sa kaniya, siya'y napuno ng pag-iinit laban kay Mordekai. **10** Gayon ma'y nagpigil si Haman sa kaniyang sarili, at umuwi sa bahay: at siya'y nagsugo at tinipon ang kaniyang mga kaibigan at si Zerēs na kaniyang asawa. **11** At isinaysay ni Haman sa kanila ang kalualhatian ng kaniyang mga kayamanan, at ang karamihan ng kaniyang mga anak, at lahat ng bagay na ipinagkaloob ng hari sa kaniya, at kung paanong siya'y nataas sa kaniya ng higit kay sa mga pangulo at mga lingkod ng hari. **12** Sinabi ni Haman bukod dito, Oo, si Ester na reina ay hindi nagpapasok ng sino man na kasama ng hari sa kasayahan na kaniyang inihanda kungdi ako lamang; at kinabukasan naman ay naanyayahan niya ako na kasama ng hari. **13** Gayon ma'y ang lahat ng ito'y walang kabuluhan sa akin habang aking nakikita si Mordekai na Judio na nakaupo sa pintuang-daan ng hari. **14** Ng magkagayo'y sinabi ni Zerēs na kaniyang asawa at ng lahat niyang mga kaibigan sa kaniyang: Magpagawa ka ng isang bibitayan na may limang puong siko ang taas, at sa kinamagahan ay salitain mo sa hari na si Mordekai ay mabibitay doon: kung magkagayo'y yumaon kang masaya na kasama ng hari sa kasayahan. At ang bagay ay nakalugod kay Haman; at kaniyang ipinagawa ang bibitayan.

**6** Ng gabing yaon ay hindi makatulog ang hari; at kaniyang iniutos na dalhin ang libro ng mga alaala ng mga gawa, at mga binasa sa harap ng hari. **2** At nasumpungang nakasulat, na si Mordekai ay nagsaysay tungkol kay Bigtana at kay Teres, dalawa sa mga kamarero ng hari, sa mga nag-iingat ng pintuan, na nag-isip magbuhat ng mga kamay sa haring Ahasuerus. **3** At sinabi ng hari: *¿* Anong karangalan at kamahalan ang nagawa kay Mordekai para rito? Ng magkagayo'y sinabi ng mga lingkod ng hari na namamahala sa kaniya: Walang ano mang nagawa sa kaniya. **4** At sinabi ng hari: *¿* Sino ang nasa looban? Si Haman nga ay nasok sa looban ng bahay ng hari, upang magsalita sa hari na bitayin si Mordekai sa bibitayan na inihanda niya sa kaniya. **5** At ang mga lingkod ng hari ay nagsabi sa kaniyang: Narito, si Haman ay nakatayo sa looban. At sinabi ng hari: Pumasok siya. **6** Sa gayo'y nasok si Haman. At ang hari ay nagsabi sa kaniyang: *¿* Anong gagawin sa lalaki na kinalulugdang parangalin ng hari? Sinabi nga ni Haman sa kaniyang puso: *¿* Sino ang kinalulugdang parangalin ng hari na higit kay sa akin? **7** At sinabi ni Haman sa haring: Para sa lalaki na kinalulugdang parangalin ng hari, **8** dalhin ang damit hari na isinusuot ng hari, at ang kabayo na sinasakyan ng hari, na mairoon sa ulo na koronang hari: **9** at ang bihisan at ang kabayo ay mabigay sa kamay ng isa sa pinakamahal na pangulo ng hari, upang bihisang gayon ang lalaki na kinalulugdang parangalin ng hari, at pasakayin siya sa kabayo sa langangan ng ciudad, at itanyag sa unahan niya: Ganito ang gagawin sa lalaki na kinalulugdang parangalin ng hari. **10** Ng magkagayo'y sinabi ng hari kay Haman: Ikaw ay magmadali, at kunin mo ang bihisan at ang kabayo, gaya ng iyong sinabi, at gawin mong gayon kay Mordekai na Judio, na nauupo sa pintuang-daan ng hari: huag magkulang ang ano mang bagay sa lahat na iyong sinalita. **11** Ng magkagayo'y kinuha ni Haman ang bihisan at ang kabayo, at binihisan si Mordekai, at pinasakay sa langangan ng ciudad, at nagtanyag sa unahan niya: Ganito ang gagawin sa lalaking kinalulugdang parangalin ng hari. **12** At si Mordekai ay nagbalik sa pintuang-daan ng hari. Nguni't si Haman ay nagmadaling umuwi, na tumatagho'y at

may takip ang ulo. 13 At isinaysay ni Haman kay Zeres na kaniyang asawa at sa lahat niyang mga kaibigan ang lahat na bagay na nangyari sa kaniya. Ng magkagayo'y sinabi ng kaniyang mga pantas, at ni Zeres na kaniyang asawa sa kaniyang: Kung si Mordekai, na iyong pinasimulang kihalulugan sa harap, ay sa binhi ng mga Judio, hindi ka mananaig laban sa kaniya, kungdi ikaw ay walang pagsalang mahuhulog sa harap niya. 14 Samantalang sila'y nakikipagsalitaan pa sa kaniya, dumating ang mga kamarero ng hari at nagmadaling dinala si Haman sa kasayahan na inihanda ni Ester.

7 Sa gayo'y napaaroon ang hari at si Haman sa kasayahan na kasama ni Ester na reina. 2 At sinabi ng hari uli kay Ester ng ikalawang araw sa kasayahan sa alak; Ano ang iyong hingi reina Ester? at ipagkakaloob sa iyo: at ano ang iyong hiling? kahi't kalahati ng kaharian ay ipagkakaloob. 3 Ng magkagayo'y sumagot, at nagsabi si Ester na reina: Kung ako'y nakasumpung ng biyaya sa iyong paningin, Oh hari, at kung kinalulugdan ng hari, ipagkaloob sa akin ang aking buhay sa aking hingi, at ang aking bayan sa aking hiling: 4 sapagka't kami ay naipagbili, ako at ang aking bayan, upang magiba, upang patayin, at upang malipol. Ngunit kung kami ay naipagbili na mga pinakaaliping lalaki at babaye, ako'y tumahimik, baga man hindi mababayaran ng kaaway ang bagabag sa hari. 5 Ng magkagayo'y nagsalita ang haring Ahasuerus, at nagsabi kay Ester na reina: Sino siya, at saan nandoon siya, na nangangahas sa kaniyang puso na gumawa ng gayon? 6 At sinabi ni Ester: Ang isang kaaway at kaalit, itong masamang si Haman. Ng magkagayo'y natakot si Haman sa harap ng hari at ng reina. 7 At ang hari ay nagtindig sa kasayahan sa alak sa kaniyang pag-aalab ng loob, at nasok sa halamanan ng palacio: at si Haman ay tumayo upang ipamanhik ang kaniyang buhay kay Ester na reina; sapagka't nakita niya na may kasamang ipinasiya laban sa kaniya ang hari. 8 Ng magkagayo'y nagbalik ang hari na mula sa halamanan ng palacio sa lugar ng kasayahan sa alak; at si Haman ay nabual sa hiligan na kinaroroonan ni Ester. Ng magkagayo'y sinabi ng hari: Kaniya bang dadahasin ang reina sa harap ko sa bahay? Paglabas ng salita sa bibig ng hari ay kaniang tinakpan ang mukha ni

Haman. 9 Ng magkagayo'y sinabi ni Harbona, isa sa kamarero na nasa harap ng hari: Narito naman, ang bibitayan na may limang puong siko ang taas, na ginawa ni Haman para kay Mordekai, na siyang nagsalita sa ikabubuti ng hari, ay nakatayo sa bahay ni Haman. At sinabi ng hari: Bitayin siya doon. 10 Sa gayo'y binitay nila si Haman sa bibitayan na inihanda niya para kay Mordekai. Ng magkagayo'y ang pag-aalab ng loob ng hari ay napayapa.

8 Ng araw na yaon ay ibinigay ng haring Ahasuerus, ang bahay ni Haman na kaaway ng mga Judio kay Ester na reina. At si Mordekai ay napaaroon sa harap ng hari; sapagka't isinaysay ni Ester kung ano niya siya. 2 At binunot ng hari ang kaniyang singsing na binunot niya kay Haman, at ibinigay kay Mordekai. At inilagay ni Ester si Mordekai sa bahay ni Haman. 3 At si Ester ay nagsalita pa uli sa harap ng hari: at nagpatirapa sa kaniyang mga paa, at ipinamanhik sa kaniya na may luha, na alisin ang kasam-an ni Haman na Agageo, at ang kaniyang banta na kaniyang ibinanta sa mga Judio. 4 Ng magkagayo'y inunat ng hari kay Ester ang gintong cetro. Sa gayo'y tumindig si Ester at tumayo sa harap ng hari. 5 At sinabi niyang: kung kinalulugdan ng hari, at kung ako'y nakasumpung ng biyaya sa kaniyang paningin, at ang bagay ay inakalang matuid sa harap ng hari, at ako'y nakalulugod sa kaniyang mga mata, masulat na baguhin ang mga sulat na ibinanta ni Haman na amak ni Hamedata, na Agageo, na kaniyang sinulat upang lipulin ang mga Judio na nasa lahat na lalawigan ng hari: 6 sapagka't; paanong ako'y makapagtitiis na tingnan ang kasam-an na darating sa aking bayan? 7 paanong ako'y makapagtitiis na tingnan ang paglipol sa aking kamag-anak? 7 Ng magkagayo'y sinabi ng haring Ahasuerus kay Ester na reina, at kay Mordekai na Judio: Narito, ibinigay ko kay Ester ang bahay ni Haman, at siya'y kanilang binitay sa bibitayan, sapagka't siya'y nagbuhat ng kaniyang kamay sa mga Judio. 8 Sumulat naman kayo sa mga Judio, kung anong inaakala ninyong mabuti, sa pangalan ng hari, at tatakan ninyo ng singsing ng hari: sapagka't ang sulat na nasusulat sa pangalan ng hari, at natatatakan ng singsing ng hari, ay walang tawong makababago. 9 Ng

magkagayo'y tinawag ang mga kalihim ng hari ng panahong yaon, sa ikatlong buan, na siyang buan ng Sivan, sa ikadalawang puo't tatlo noon; at nasulat ayon sa lahat na iniutos ni Mordekai sa mga Judio, at sa mga satrapa, at sa mga gobernador at mga pangulo ng mga lalawigan na nandoon mula sa India hangang sa Etiopa, na isang daan at dalawang puo't pitong lalawigan sa bawa't lalawigan ayon sa sulat noon, at sa bawa't bayan ayon sa wika nila, at sa mga Judio ayon sa sulat nila, at ayon sa wika nila.

10 At kaniyang sinulat sa pangalan ng haring Ahasuerus, at tinatakan ng singsing ng hari, at nagpadala ng mga sulat sa pamamagitan ng mga sugo sa mga kabayo, na nangakaskay sa mga matuling kabayo na ginagamit sa paglilingkod sa hari, ipinanganak sa caballeriza: 11 na pinagkakalooban ng hari ang mga Judio na nasa bawa't ciudad, na magpipisan, at itayo ang kanilang buhay, upang gumiba, pumatay, at magpalipol, sa boong kapangyarihan ng bayan at lalawigan na loloob sa kanila, sa kanilang mga bata at mga babaye, at kumuha ng samsam sa kanila na pinakahuli, 12 sa isang araw sa lahat na lalawigan ng haring Ahasuerus, sa ikalabing tatlo ng ikalabing dalawang buan, na siyang buan ng Adar. 13 Isang salin ng sulat ay nahayag sa lahat ng bayan, upang mahayag ang pasiya sa bawa't lalawigan, at upang ang mga Judio ay humanda sa araw na yaon na gumanti sa kanilang mga kaaway. 14 Sa gayo'y ang mga sugo na nasasakay sa mga matuling kabayo na ginagamit sa paglilingkod sa hari ay lumabas, na nagmamadali at nagtutumulin sa utos ng hari; at ang pasiya ay nahayag sa Susan na palacio. 15 At si Mordekai ay lumabas mula sa harap ng hari na nakapanamit-hari na azul, at puti, at may malaking koronang ginto, at may balabal na pinong kayong puti at morado: at ang ciudad ng Susan ay sumutsot at natua. 16 Nagkaroon ang mga Judio ng kaliwanagan at ng kasayahan, at ng kagalakan at ng karangalan. 17 At sa bawa't lalawigan, at sa bawa't ciudad, saan man dumating ang utos ng hari at pasiya niya, nagkaroon ang mga Judio ng kasayahan at kagalakan, ng kapistahan at mabuting araw. At marami na mula sa mga bayan ng lupain ay naging mga Judio; sapagka't ang takot sa mga Judio ay nahulog sa kanila.

9 Ng ikalabing dalawang buan nga, na siyang buan ng Adar, ng ikalabing tatlong araw ng buan ding yaon, ng ang utos ng hari at ang pasiya niya ay malapit na gagawin, sa araw na inaasahan ng mga kaaway ng mga Judio na magpuo sa kanila; ay napabaligtad, na ang mga Judio ay siyang naghari sa kanila na napopoot sa kanila; 2 ang mga Judio ay nagpipisan sa kanilang mga ciudad sa lahat na lalawigan ng haring Ahasuerus, upang magbohag ng kamay sa mga nagbabanta ng kanilang kapahamakan: at walang makatayo sa kanila; sapagka't ang takot sa kanila ay nahulog sa lahat ng bayan. 3 At lahat ng pangulo sa mga lalawigan, at ang mga satrapa, at ang mga gobernador, at ang mga gumagawa ng gagawin ng hari, tumulong sa mga Judio; sapagka't ang takot kay Mordekai ay nahulog sa kanila. 4 Sapagka't si Mordekai ay malaki sa bahay ng hari, at ang kaniyang kabantugan ay lumabas sa lahat ng lalawigan: sapagka't ang lalaking si Mordekai ay lumaki ng lumaki. 5 At sinugatan ng mga Judio ang lahat ng kanilang kaaway sa taga ng tabak, at sa pagpatay at paggiba, at ginawa ang inakala nila sa mga napopoot sa kanila. 6 At sa Susan na palacio ay pumatay ang mga Judio at lumipol ng limang daang lalaki. 7 At si Parsandata, at si Dalfon, at si Aspata, 8 at si Porata, at si Adalia, at si Aridata, 9 at si Parmasta, at si Arisai, at si Aridai, at si Vaizata, 10 na sampuonng anak ni Haman, na anak ni Hamedata, na kaaway ng mga Judio, pinatay nila; nguni't sa pagsamsam, hindi nila binuhag ang kanilang kamay. 11 Ng araw na yaon ay ang bilang ng mga napatay sa Susan na palacio ay nadala sa harap ng hari. 12 At sinabi ng hari kay Ester na reina: Ang mga Judio ay pumatay at lumipol ng limang daang lalaki sa Susan na palacio, at ang sampuonng anak ni Haman; Ano nga ang kanilang ginawa kaya sa ibang mga lalawigan ng hari? Ngayon, Ano pa ang iyong hingi? at ipagkakaloob sa iyo: Ano ang iyong hiling pa? at gaganapin. 13 Ng magkagayo'y sinabi ni Ester: Kung kinalulugdan ng hari, ipagkakaloob sa mga Judio na nasa Susan na gawin bukas naman ang ayon sa pasiya ng araw na ito, at ang sampuonng anak ni Haman ay mabitin sa bibitayan. 14 At iniutos ng hari na gawing gayon: at ang pasiya ay nabigay sa Susan; at

kanilang ibinitin ang sampuon anak ni Haman. **15** At ang mga Judio na nasa Susan ay nagpipisan sa ikalabing apat na araw din ng buan ng Adar, at pumatay ng tatlong daang lalaki sa Susan; nguni't sa pagsamsam ay hindi sila nagbuhat ng kanilang kamay. **16** At ang ibang mga Judio na nasa mga lalawigan ng hari ay nagpipisan, at itinayo ang kanilang mga buhay, at nagkaroon ng kapahingahan sa kanilang mga kaaway, at pumatay sa mga napopoot sa kanila ng pitong puo't limang libo; nguni't sa pagsamsam ay hindi nila binuhat ang kanilang kamay. **17** *Ito'y nagawa* ng ikalabing tatlong araw ng buan ng Adar: at sa ikalabing apat na araw ng buan ding yaon ay nagpahinga sila, at ginawang araw ng pag-aanyaya at kasayahan. **18** Nguni't ang mga Judio na nasa Susan ay nagpipisan ng ikalabing tatlo noon, at ng ikalabing apat noon; at sa ikalabing lima ng buan ding yaon ay nagpahinga sila, at ginawang araw ng pag-aanyaya at kasayahan. **19** Kaya't ang mga Judio sa mga nayon, na tumatahan sa mga bayan na hindi nakukutaan ginagawa sa ikalabing apat na araw ng buan ng Adar na araw ng kasayahan at pag-aanyaya, at mabuting araw, at ng padalahan ng mga bahagi ng isa't isa.

**20** At sinulat ni Mordekai ang mga bagay na ito, at nagpadala ng mga sulat sa lahat na mga Judio, na nasa lahat na lalawigan ng haring Ahasuerus, ang malapit at gayon din ang malayo, **21** upang ipagbilin sa kanila na kanilang ipangilin ang ikalabing apat na araw ng buan ng Adar, at ang ikalabing lima niyaon, taon-taon, **22** na mga pinakaaraw na ipinagkaroon ng kapahingahan ng mga Judio sa kanilang mga kaaway, at buan na ikinapaging kasayahan ang kapanlawan, at ikinapaging mabuting araw ang pagtaghoy: upang kanilang gawing mga araw ng pag-aanyaya at kasayahan, at ng pagpapadalahan ng mga bahagi ng isa't isa, at ng mga kalocob sa mga dukha. **23** At pinagkasunduan ng mga Judio na gawin ang gaya ng kanilang pinasimulan, at ang isinulat ni Mordekai sa kanila; **24** sapagka't si Haman na anak ni Hamedata na Agageo, na kaaway ng lahat na mga Judio ay bumanta laban sa mga Judio upang lipulin sila, at pinagsapalarang laro nga si Pur, upang patayin, at upang lipulin sila; **25** nguni't ng ang bagay ay dumating sa harap ng hari, kaniyang iniutos sa pama-

mag-itan ng mga sulat na ang kaniyang masamang banta, na kaniyang ibinanta laban sa mga Judio, mabalik sa kaniyang sariling ulo; at siya at ang kaniyang mga anak ay mabitay sa bibitayan. **26** Kaya't kanilang tinawag ang mga araw na ito na Purim, ayon sa pangalan ni Pur. Kaya't dahil sa lahat na salita ng sulat na ito, at ang kanilang nakita tungkol sa bagay na ito, at ang dumating sa kanila, **27** ang mga Judio ay nag-ayos at nag-alaga sa kanilang sarili at sa kanilang binhi, at sa lahat ng yaon na nagpipisan sa kanila, na ano pa't hindi lumipas, na kanilang ipangngingilin ang dalawang araw na ito ayon sa sulat doon, at ayon sa takdang panahon noon, taon-taon; **28** at ang mga araw na ito ay aalalahanin at ipangngingilin sa bawa't lahi, sa bawa't kamag-anakan, sa bawa't lalawigan, at sa bawa't ciudad; at ang mga araw na ito ng Purim ay hindi lilipas sa mga Judio, o ang alaala man sa mga yaon ay lilipas sa kanilang binhi. **29** Ng magkagayo'y si Ester na reina na anak ni Abihail, at si Mordekai na Judio, sumulat ng boong kapangyarihan' upang patotohanan ang ikalawang sulat na ito ng Purim. **30** At si Mordekai nagpadala ng mga sulat sa lahat ng Judio, sa isang daan at dalawang puo't pitong lalawigan ng kaharian ni Ahasuerus, na may mga salita ng kapayapaan at katotohanan, **31** upang patotohanan ang mga araw na ito ng Purim, sa kanilang mga takdang panahon, ayon sa ibinilin sa kanila ni Mordekai na Judio at ni Ester na reina, at ayon sa kanilang iniayos para sa kanilang sarili at para sa kanilang binhi, sa bagay ng pag-aayuno at ng kanilang pagdaing. **32** At pinatotohanan ang mga bagay na ito ng Purim ng utos ni Ester: at nasulat sa libro.

**10** At ang haring Ahasuerus ay naglagay ng buis sa lupain, at sa mga puho ng dagat. **2** At lahat ng gawa ng kaniyang kapangyarihan at ng kaniyang kati-bayan, at ang lubos na pagsasaysay ng kalakhan ni Mordekai, na ipinagtaas sa kaniya ng hari, ¿hindi ba mga nasusulat sa libro ng mga alaala sa mga hari ng Media at Persia? **3** Sapagka't si Mordekai na Judio ay kasunod ng haring Ahasuerus, at malaki sa mga Judio, at kinalulugdan ng karamihan ng kaniyang mga kapatid; na humabanap ng ikabubuti ng kaniyang bayan, at nagsasalita ng kapayapaan sa kaniyang boong binhi.

# ANG LIBRO NI JOB.

**1** May isang lalaki sa lupain ng Uz, na ang pangalan ay Job; at ang lalaking yaon ay sakdal at matuid, at natatakot sa Dios, at hiwalay sa kasam-an. **2** At may ipinanganak sa kaniya na pitong lalaki at tatlong babaye. **3** Ang kaniyang pag-aari naman ay pitong libong tupa, at tatlong libong kamello, at limang daang parejang baka, at limang daang asnong babaye, at totoong malaking sambalayan; na ano pa't ang lalaking ito ay siyang pinakamalaki sa lahat na mga anak ng silanganan. **4** At ang kaniyang mga anak ay yumayaon at gumagawa ng kasayahan sa bahay ng bawa't isa sa kaniyang kaarawan; at sila'y nagsugo, at ipinatawag ang kanilang tatlong kapatid na babaye upang kumain at uminom na kasalo nila. **5** At nangyayari, pagka ang mga araw ng kanilang pag-aanyaya ay natapos, na si Job ay nagsusugo, at pinapagsasanto sila, at nagbabangong maaga sa kinaumagahan, at naghahandog ng mga handog na susunugin ayon sa bilang nilang lahat: sapagka't sinasabi ni Job: Marahil ang aking mga anak ay nagkasala, at tumakwil ang Dios sa kanilang mga puso. Ganito ang ginagawa ni Job na palagi.

**6** Nagkaroon ng isang araw nga ng ang mga anak ng Dios ay pumaroon na mag-siharap sa PANGINOON, at si Satan ay naparoon naman sa gitna nila. **7** At sinabi ng PANGINOON kay Satan: ;Saan ka nangaling? Ng magkagayo'y sumagot si Satan sa PANGINOON, at nagsabing: Sa pagpaparoot parito sa lupa, at sa pagpapanhik manaog sa kaniya. **8** At sinabi ng PANGINOON, kay Satan ;Iyo bang binunay ang aking aliping si Job? sapagka't walang gaya niya sa lupa, na sakdal at matuid na lalaki, na natatakot sa Dios at humihiwalay sa kasam-an. **9** Ng magkagayo'y sumagot si Satan sa PANGINOON, at nagsabing: ;Natatakot bago ng walang kabuluhan si Job sa Dios? **10** ;Hindi mo ba kinulong siya at ang kaniyang bahay, at ang lahat niyang tinatankilik, sa bawa't dako? iyong pinagpalangawa ng kaniyang mga kamay, at ang kaniyang pag-aari ay lumago sa lupain. **11** Ngunit iunat mo ang iyong

kamay ngayon, at galawin mo ang lahat niyang tinatankilik, at siya'y itatakuil mo sa iyong mukha. **12** At sinabi ng PANGINOON kay Satan: Narito, lahat niyang tinatankilik ay nasa iyong kapangyarihan; sa kaniya lamang huag mong iunat ang iyong kamay. Sa gayo'y lumabas si Satan na mula sa harap ng PANGINOON.

**13** At nangyari isang araw ng ang kaniyang mga anak na lalaki at babaye ay kumakain at uminom ng alak sa bahay ng kanilang pinakamatandang kapatid, **14** na dumating ang isang sugo kay Job, at nagsabing: Ang mga baka ay bumubukid, at ang mga asna ay sumasabsab sa siping nila: **15** at dinaluhong ng mga Sabeo, at mga dinala; oo, kanilang pinatay ang mga alipin ng talim ng tabak; at ako lamang ang nakataasang mag-isa upang magsaysay sa iyo. **16** Samantalang siya'y nagsasalita pa, dumating naman ang iba, at nagsabing: Angapoy ng Dios ay nalaglag mula sa langit, at sinunog ang mga tupa, at ang mga alipin, at mga sinupok; at ako lamang ang nakataasang mag-isa upang magsaysay sa iyo. **17** Samantalang siya'y nagsasalita pa, dumating naman ang iba, at nagsabing: Ang mga Kaldeo ay nagtatlong pulutong, at dumaluhong sa mga kamello, at mga dinala, oo, at pinatay ang mga alipin ng talim ng tabak; at ako lamang ang nakataasang mag-isa upang magsaysay sa iyo. **18** Samantalang siya'y nagsasalita pa, dumating naman ang iba, at nagsabing: Ang iyong mga anak na lalaki at babaye ay kumakain at uminom ng alak sa bahay ng kanilang pinakamatandang kapatid: **19** at, narito, dumating ang malakas na hangin na mula sa Mang, at sinugatan ang apat na sulok ng bahay, at lumagpak sa mga bata, at sila'y namatay; at ako lamang ang nakataasang mag-isa upang magsaysay sa iyo. **20** Ng magkagayo'y nagbangon si Job, at hinapak ang kaniyang balabal, at inukitan ang kaniyang ulo, at nagpatirapa sa lupa, at sumamba; **21** at sinabi niyang: Hubad akong lumabas sa bahay-bata ng aking ina, at hubad na babalik ako doon: ang



PANGINOON ang nagbigay, at ang PANGINOON ang nag-alis; purihin ang pangalanan ng PANGINOON. 2 Sa lahat ng ito ay hindi nagkasala si Job, o inari mang mangmang ang Dios.

**2** Nagkaroon uli ng isang araw ng ang mga anak ng Dios ay pumaroon na magsiharap sa PANGINOON, at pumaroon si Satan na kasama nila upang humarap sa PANGINOON. 2 At ang PANGINOON ay nagsabi kay Satan: Saan ka nangaling? At si Satan ay sumagot sa PANGINOON, at nagsabing: Sa pagpaparoo't parito sa lupa, at sa pagpapanhik manaog sa kaniya. 3 At sinabi ng PANGINOON kay Satan: Iyo bang binuhay ang aking aliping si Job? sapagka't walang gaya niya sa lupa, na sakdal at matuid na lalaki, na natatakot sa Dios, at humihiwalay sa kasam-an: at siya'y namamalagi sa kaniyang pagtatapat, baga man ako'y kinilos mo laban sa kaniya, upang gibain siya na walang kadahilanan. 4 At si Satan ay sumagot sa PANGINOON, at nagsabing: Balat kung balat, oo, lahat na tinatankilik ng tawo ay ibibigay para sa kaniyang buhay. 5 Nguni't iunat mo ang iyong kamay, at hipuin mo ang kaniyang buto at kaniyang laman, at kaniyang itatakuil ka sa iyong mukha. 6 At ang PANGINOON ay nagsabi kay Satan: Narito, siya'y nasa iyong kamay; ingatan mo lamang ang kaniyang buhay. 7 Sa gayo'y umalis si Satan mula sa harap ng PANGINOON, at sinugatan si Job ng mga masamang bukol na mula sa talampakan ng kaniyang paa hangang sa kaniyang puyo. 8 At kumuha siya ng isang bingibing na paliook upang ipangkayod ng *lanjib*; at siya'y naupo sa gitna ng mga abo. 9 Ng magkagayo'y sinabi ng kaniyang asawa sa kaniyang: Namamalagi ka pa ba sa iyong pagtatapat? itakuil mo ang Dios, at mamatay ka. 10 Nguni't sinabi niya sa kaniyang: Ikaw ay nagsasalita na gaya ng pagsasalita ng hangal na babaye. Ano? itatangap ba tayo ng mabuti sa kamay ng Dios, at hindi tayo tatanggap ng kasam-an? Sa lahat ng ito ay hindi nagkasala si Job ng kaniyang mga labi.

11 Ng marinig nga ng tatlong kaibigan ni Job ang lahat na kasam-ang ito na dumating sa kaniya, sila'y naparoon baw't isa na mula sa kaniyang sariling lugar; si Elifaz na Temaniti, at si Bildad na Suhita, at si Zofar na Naamatita: at sila'y nangagkaisang-loob na pumaroon

upang makianib sa kaniya at aliwin siya. 12 At ng kanilang itaas ang kanilang mga mata sa malayo, at hindi siya makilala, kanilang inilakas ang kanilang voices, at umiyak; at pinunit ng baw't isa sa kanila ang kaniyang balabal, at nagsaboy ng alabok sa kanilang mga ulo sa dakong langit. 13 Sa gayo'y umupo silang kasama niya sa ibabaw ng lupa na pitong araw at pitong gabi, at walang nagsalita sa kaniya: sapagkat kanilang nakita na ang kaniyang kapanlawan ay totoong malaki.

**3** Pagkatapos nito'y ibinuka ni Job ang kaniyang bibig at sinumpa ang kaniyang araw. 2 At si Job ay sumigaw, at nagsabing:

- 3 Mawala ang araw na kinapanganakan sa akin,  
At ang gabi na nagsabi, May lalaking ipinagilahi.
- 4 Magdilim ang araw na yaon;  
Huag hanapin ng Dios mula sa itaas,  
O sumilang man sa kaniya ang liwanag.
- 5 Ang dilim at ang salimuot na kadi-liman ay mag-ari sa kaniya.  
Umalapaap sa kaniya;  
Pangilabutin siya ng lahat na nagpadilim sa araw.
- 6 Suma gabing yaon, ang pagsasalimuot ng kadiliman:  
Huag magalak sa mga araw ng taon;  
Huag mapasok sa bilang ng mga buan.
- 7 Narito, mapag-isa ang gabing yaon;  
Huag pumasok sa kaniya ang masayang tingin.
- 8 Sumpain ng mga sumusumpa sa araw,  
Ng mga banda na hikayatin ang buaya.
- 9 Magdilim ang mga bituin ng pagtatakip silim niya:  
Maghintay ng liwanag, nguni't huag magkaroon;  
O mamasdan man ang mga talukap ng mata ng umaga:
- 10 Sapagka't hindi isinara ang mga pin-to ng bahay-bata ng aking ina,  
O ikinubli man ang kabagabagan sa aking mga mata.
- 11 Bakit hindi pa ako namatay mula sa bahay-bata?  
Bakit hindi ko iniwan ang paghinga ng ako'y lumabas sa tiyan?
- 12 Bakit tinanggap ako ng mga tuhod?  
O bakit ang mga suso, upang aking susuhin?

- 13 Sapagka't ngayon ay hihiga ako at tatahimik ;  
Ako'y matutulog ; kung magkagayo'y nakapagpahinga ako ;
- 14 Ng kasama ng mga hari at ng mga tagapayo sa lupa,  
Na nagtayo ng mga lugar na sira para sa kanila ;
- 15 O ng mga pangulo na nagkaroon ng ginto,  
Na pumuno ng kanilang bahay ng pilak ;
- 16 O parang nalagas na nakatago, ako'y hindi nabuhay ;  
Parang sangol na kailan man ay hindi nakakita ng liwanag.
- 17 Doo'y tumitigil ang masama sa pagbagabag ;  
At doo'y nagpapahinga ang pagod.
- 18 Doo'y ang mga bihag ay lumalayaw na magkakasama ;  
Hindi nila naririnig ang voces ng tagapamahala.
- 19 Ang maliit at malaki ay nandoon ;  
At ang alipin ay laya sa kaniyang panginoon.
- 20 ¿Bakit ang liwanag ay ibinibigay sa kaniya na nasa karalitaan,  
At buhay sa may mapait na kalulua ;
- 21 Na naghihintay ng kamatayan, nguni't hindi dumarating ;  
At humuhukay dahil doon ng higit kay sa mga kayamanang nakatago ;
- 22 Na nagagalak na mainam,  
At nangasasayahan, pagka nasumpungan ang libingan ?
- 23 ¿Bakit bibibigyan ng liwanag ang tawo na may lakad na natatago,  
At siyang kinulong ng Dios ?
- 24 Sapagka't ang aking pagbubuntong hininga ay dumarating bago ako kumain,  
At ang aking mga angal ay nangabubuhos na parang tubig.
- 25 Sapagka't ang bagay na aking kinatatakan ay dumating sa akin,  
At ang aking pinanginigilabutan ay dumating sa akin.
- 26 Hindi ako tiwasay, o ako man ay tahimik, o ako man ay payapa ;  
Kungdi kabagabaga'y dumating.
- 4 Ng magkagayo'y sumagot si Elifaz na Temanita, at nagsabing :
- 2 Kung ang isa'y tumikim na makapagmatuiranan sa iyo, ¿mamamanlaw ka ba ?

- Nguni't ¿sinong makapipigil ng pagsasalita ?
- 3 Narito, ikaw ay nagturo sa marami,  
At iyong pinatakas ang mga mahinang kamay.
- 4 Ang iyong mga salita ay umalalay doon sa nabubual,  
At iyong pinalakas ang mga mahinang tuhod.
- 5 Nguni't ngayo 'y dumarating sa iyo, at ikaw ay nanglulupaypay ;  
Kinikibo ka, at ikaw ay nababagabag.
- 6 ¿Hindi ba ang iyong takot sa Dios ay ang iyong pag-asa,  
At ang iyong pag-asa ay ang pagtapat ng iyong mga lakad ?
- 7 Iyong alalahanin, isinasamo ko sa iyo, ¿sino ang namatay, na walang sala ?  
¿O saan nahiwalay ang mga matuid ?
- 8 Ayon sa aking pagkakita, ng mga bumubukid ng kasaman,  
At naghahasik ng kabagabagan gayon din ang inaani.
- 9 Sa hinga ng Dios sila'y namamatay,  
At sa hihip ng kaniyang galit ay sila'y nalilipol.
- 10 Ang urgál ng leon, at ang voces ng mabangis na leon,  
At ang mga ngipin ng mga batang leon, ay napirasó.
- 11 Ang matandang leon ay namamatay dahil sa kakulangan ng huli,  
At ang mga anak ng leona ay nanganngalat.
- 12 Ngayo 'y nadalang lihim sa akin isang bagay,  
At ang aking pakinig ay nakakaulinig ng bulong niya.
- 13 Sa mga pag-iisip sa mga panaginip sa gabi,  
Pagka ang mahimbing na tulog ay naluhulog sa mga tawo,
- 14 Takot ay dumating sa akin, at panginiginig,  
Na nagpapatigtig ng lahat ng aking mga buto.
- 15 Ng magkagayo 'y nagdaan ang isang espiritu sa aking mukha ;  
Ang balahibo ng aking laman ay nanginginig.
- 16 Tuminding na nakatigil, nguni't hindi ko makilala ang hichura niya ;  
Isang anyo ang nasa harap ng aking mga mata :  
May katahimikan, at ako 'y nakarinig ng voces, na nagsabing,
- 17 ¿Magiging banal pa ba ang tawong may kamatayan kay sa Dios ?

- ¿Lilinis pa ba kaya ang tawo-kay sa Manglalalang sa kaniya?
- 18 Narito, siya'y hindi nagkakatiwala sa kaniyang mga alipin;  
At inaari niyang mga mangmang ang kaniyang mga angel:
- 19 | Gaano pa kaya sila na tumatahan sa mga bahay na putik,  
Na ang cimiento ay nasa alabok,  
Na nalalagpak na una kay sa bukbok!
- 20 Sa pag-itan ng umaga at hapon, ay nabual sila:  
Sila'y nalilipol magapkailan man na walang pumupuna.
- 21 ¿Hindi ba nalalagot ang tali ng kanilang dampa sa loob nila?  
Sila'y namamatay at walang karunungan.
- 5 Ikaw ay tumawag ngayon; ¿may sasagot ba sa iyo?  
¿At sa kanino sa mga santo babalik ka?
- 2 Sapagka't ang bigat ng loob ay pumapatay sa hangal,  
At ang paninibugho ay pumapatay sa mangmang.
- 3 Aking nakita ang hangal na nag-uugot:  
Nguni't agad sinumpa ko ang kaniyang tahanan.
- 4 Ang kaniyang mga anak ay malayo sa kaligtasan,  
At sila'y dumidiin sa pintuang-daang,  
At wala mang magligtas sa kanila.
- 5 Na ang kaniyang aanihin ay kinakain ng gutom,  
At kinukuha na mula sa mga tinik,  
At ang silo ay nakabuka para sa kanilang pag-aari.
- 6 Sapagka't ang pagkapighati ay hindi lumalabas sa alabok,  
O bumubukal man sa lupa ang kabagabagan;
- 7 Nguni't ang tawo ay ipinanganak sa kabagabagan,  
Gaya ng alipato na lumilipad sa itaas.
- 8 Nguni't sa ganang akin, aking hahanapin ang Dios,  
At sa Dios ay aking ihahabilin ang aking usap:.
- 9 Na siyang gumagawa ng mga dakilang bagay at mga hindi magugunita;  
Mga kamanghamanghang bagay na walang bilang:
- 10 Na siyang nagbibigay ng ulan sa lupa,  
At nagsusugo ng mga tubig sa mga bukid:
- 11 Na ano pa't kaniyang iniuupo sa mataas yaong mga nasa mababa;  
At yaong mga tumataghoy ay nataas sa kaligtasan.
- 12 Kaniyang sinasayang ang mga katha ng mangangatha,  
Na ano pa't hindi nawakasan ng kanilang mga kamay ang kanilang nais.
- 13 Kaniyang hinuhuli ang pantas sa kanilang sariling katha:  
At ang payo ng mananalangang ay nagmamadali.
- 14 Kanilang nasasalubong ang kadiliman sa araw,  
At kumakapa sa katanghaliang tapat na parang sa gabi.
- 15 Nguni't kanilang inililigtas sa tabak ng kanilang bibig,  
Ang mapagkailangan sa kamay ng makapangyarihan.
- 16 Na ano pa't ang dukha ay may pag-asa,  
At ang kasam-an ay nagtitikom ng kaniyang bibig.
- 17 Narito, maginhawa ang tawo na sinasaway ng Dios:  
Kaya't huag mong walan ng kabuluhan ang pagsaway ng Makapangyarihan-sa-lahat.
- 18 Sapagka't siya'y sumusugat, at nagtatapal;  
Siya'y sumusugat, at ang kaniyang mga kamay ay nagpapagaling.
- 19 Kaniyang ililigtas ka sa anim na kabagabagan;  
Oo, sa pito, ay walang kasam-ang kilos sa iyo.
- 20 Sa kagutom ay tutubusin ka niya sa kamatayan;  
At sa pagbabaka ay sa kapangyarihan ng tabak.
- 21 Ikaw ay makukubli sa talas ng dila;  
At hindi matatakot ka man sa paggiba pagka dumarating.
- 22 Sa kagibaan at sa kasalatan ay tatawaka;  
O matatakot ka man sa mga ganid sa lupa.
- 23 Sapagka't ikaw ay makikipagkasundo sa mga bato sa parang;  
At ang mga ganid sa parang ay makikipagpapayaan sa iyo.
- 24 At iyong makikilalala na ang iyong dampa ay nasa kapayapaan;  
At iyong dadalawin ang iyong tahanan, at wala kang wawalan ng apo man.

- 25 Iyo namang makikilala na ang iyong binhi ay magiging malaki,  
At ang iyong lahi ay gaya ng damo sa lupa.
- 26 Ikaw ay darating sa iyong libingan sa lubos na katandaan,  
Gaya ng bigkis ng trigo na dumarating sa kaniyang kapanahunan.
- 27 Narito ito, aming siniyasat, ay gayon nga;  
Dingin mo, at talastasin mo sa iyong ikabubuti.
- 6** Ng magkagayo'y sumagot si Job at nagsabing,  
2 | Kalugdan ng Dios na matimbangan ang aking pagkaduahagi,  
At ang aking mga kasakunaan ay malagay sa mga timbangan na magkakasama!  
3 Sapagka't ngayo'y magiging lalong mabigat kay sa bubangin sa mga dagat: Kaya't ang aking mga salita ay hindi mga pinakundanganaan.  
4 Sapagka't ang mga pana ng Makapangyarihan-sa-lahat ay nasasaksak sa akin,  
Ang lason noon ay hinitit ng aking espiritu:  
Ang mga kakilakilabot ng Dios ay humahanay ng laban sa akin.  
5 | Umuungal ba ang mabangis na asno pagka may damo?  
| O umuungal ba ang baka sa kaniyang pagkain?  
6 | Kakanin ba ng walang asin ang walang lasa?  
| O mairon bang lasa ang puti ng itlog?  
7 | Timatangihang hipuin ng aking kaluluwa;  
Mga kasuklamsuklam na pagkain sa akin.  
8 | O kahimanuari ay nagtamo ako ng aking hiling;  
At ipagkaloob sa akin ng Dios ang bagay na aking hinihintay!  
9 | Sa makatuid baga'y ang kalugdan ng Dios na idiin sa akin;  
Na bitawan ang kaniyang kamay, at ihibalay ako!  
10 Kung magkagayo'y magkakaroon pa ako ng kaaliwan;  
Oo, ako'y magagalak sa mga walang awang sakit;  
Sapagka't hindi ko itinakuil ang mga salita ng Santo.  
11 | Ano ang aking lakas, na aking ipaghihintay?
- | At ano ang aking wakas na aking ipagtitiis?  
12 | Ang akin bang lakas ay lakas ng mga bato?  
| O ang akin bang laman ay tanso?  
13 | Hindi ba na sa aking man ay wala akong pagtulong,  
At ang sakdal na gawa ay lumayo sa akin?  
14 Siyang nanglulupaypay ay marapat pagpakitaang loob ng kaniyang kaibigan;  
Sa makatuid baga'y siya na nagpapabaya ng takot sa Makapangyarihan-sa-lahat.  
15 Ang aking mga kapatid ay gumawang may pagdaraya na parang batis,  
Na parang bangbang ng batis na inaagusan;  
16 Na maitim dahil sa hielo,  
At siyang pinagkublihan ng nieve:  
17 Pagkaraan ng init ay nawawala:  
Pagka mairit, mga natutunaw sa kailalang lugar.  
18 Ang mga pulutong na naglalakbay sa pagsunod nila ay naliligaw;  
Sila'y sumasampa sa ilang at nalilipol.  
19 Minamasdan ng mga pulutong ng Tema,  
Mga hinihintay ng mga pulutong sa Seba.  
20 Sila'y nangapahiya, sapagka't sila'y umasa;  
Sila'y naparoon at nangatulig.  
21 Sapagka't ngayon, kayo'y hindi gasino;  
Kayo'y nakakakita ng kakilakilabot, at kayo'y natatakot.  
22 | Nagsabi ba akong, Bigyan mo ako?  
| O: Maghandog ka ng isang kaloob sa akin ng iyong pag-aari?  
23 | O: Iligtas mo ako sa kamay ng kaaway?  
| O: Tubusin mo ako sa kamay ng mga mamimighati?  
24 Turuan mo ako, at ako'y tatahimik:  
At ipakilala mo sa akin kung ano ang aking pinagkasalahan.  
25 | Pagkabangis nga ng mga salita ng kabanalan!  
Nguni't ano nga sinasaway ng iyong pagsaway?  
26 | Inisip ba ninyong sumaway ng mga salita?  
Sa bagay ay ang mga salita ng walang inaasahan ay parang hangin.  
27 Oo, kayo'y magsasapalarang laro sa ulila,

- At gumawa kayo ng kalakal para sa inyong mga kaibigan.
- 28 Ngayon nga'y malugod kang tumingin sa akin;
- Sapagka't tunay na hindi ako makapagbubulaan sa iyong mukha.
- 29 Kayo'y bumalik, isinasamo ko sa inyo, huag magkaroon ng di matuid;
- Oo, kayo'y bumalik uli, ang aking usap ay matuid.
- 30 ¿May di matuid ba sa aking dila?
- ¿Hindi ba makakalasa ang aking lalamunan ng mga taksil na bagay?
- 7 ¿Wala bang panahon ng paglilingkod sa tawo sa ibabaw ng lupa?
- ¿At hindi ba ang kaniyang mga araw ay gaya ng mga araw ng nagpapaupa?
- 2 Na gaya ng alipin na nagnanasang mainam ng lilin,
- At gaya ng nagpapaupa na naghihintay ng kaniyang mga kaupahan:
- 3 Gayon-ako pinapag-ari ng mga buan na walang kabuluhan,
- At mga gabi ng kapaguran ay natakda sa akin.
- 4 Pagka ako'y nahihiga, aking sinasabing,
- ¿Kailan ako babangon? nguni't ang gabi ay mahaba;
- At ako'y puno ng pagkabalisa hangang sa pagbubukang liwayway ng araw.
- 5 Ang aking laman ay nabibihisan ng mga uod at ng alapaap na alabok;
- Ang aking balat ay sira at mabaho.
- 6 Ang aking mga araw ay matulin kay sa habi ng manghahabi,
- At nagugugol na walang pag-asa.
- 7 Oh alalahanin mo na ang aking buhay ay hangin:
- Ang aking mata ay hindi na makakakita pa ng mabuti.
- 8 Ang mata ng nakakakita sa akin ay hindi na titingin pa sa akin:
- Ang iyong mga mata ay sasa akin, nguni't hindi na ako.
- 9 Kung paanong ang alapaap ay napa-pawi at nawawala,
- Gayon siya na bumababa sa libingan ay hindi sasampa pa.
- 10 Siya'y hindi na babalik pa sa kaniyang bahay,
- O malalaman man niya pa ang kaniyang lugar.
- 11 Kaya't hindi pipigilin ang aking bibig;
- Ako'y magsasalita sa kadalamanhan ng aking espiritu;

- Ako'y dadaing sa kapaitan ng aking kalulua.
- 12 ¿Ako ba'y isang dagat, o hayop dagat,
- Na maglalagay ka ng bantay sa akin?
- 13 Pagka aking sinasabing, Aaliwin ako ng aking hihigan,
- Aaliwin ng aking unan ang aking karamdaman;
- 14 Kung magkagayo'y ginugulat mo ako ng mga panaginip,
- At pinangingilabot mo ako sa mga malikmata:
- 15 Na ano pa't pinipili ng aking kalulua ang bitayin,
- At ang kamatayan kay sa aking mga butong ito.
- 16 Aking kinapopootan ang aking buhay:
- hindi ko ibig mabuhay na magpakailan man:
- Papag-isahin ako; sapagka't ang aking mga araw ay walang kabuluhan.
- 17 ¿Ano ang lalaki, na iyong palakhin siya,
- At na iyong ilagak ang iyong puso sa kaniya,
- 18 At na iyong dalawin siya tuing umaga,
- At subukin siya sa tuituina?
- 19 ¿Hangang kailan maglilikat ka ng pagtingin sa akin,
- O papag-iisahin man hangang sa aking lulunin ang aking laway?
- 20 Kung ako'y nagkasala, ¿ano ang aking magagawa sa iyo, Oh ikaw na bantay ng mga tawo?
- ¿Bakit mo nga inilalagay akong pinakatanda sa iyo,
- Na ano pa't ako'y isang pasan sa aking sarili?
- 21 ¿At bakit hindi mo pinatatawad ang aking pagsalangsang, at inaalis ang aking kasam-an?
- Sapagka't ngayo'y mahihiga ako sa alabok;
- At ako'y hahanapin mong mainam, nguni't wala na ako.
- 8 Ng magkagayo'y sumagot si Bildad na Suhita, at nagsabing,
- 2 ¿Hangang kailan magsasalita ka ng mga bagay na ito?
- At hangang kailan magiging parang makapangyarihang hangin ang mga salita ng iyong bibig?
- 3 ¿Nagliliko ba ang Dios ng kahatulan?
- ¿Oh nagliliko ang Makapangyarihan sa-lahat ng katuiran?

- 4 Kung ang iyong mga anak ay nagkasala laban sa kaniya,  
At kaniyang mga ibinigay sa kamay ng kanilang pagsalangsang:
- 5 Kung hinaup mong mainam ang Dios,  
At iyong ginawa ang iyong pamanhik sa Makapangyarihan-sa-lahat;
- 6 Kung ikaw ay malinis at matuid;  
Walang pagsalang ngayo'y gigising siya para sa iyo,  
At pagiginhawahin ang tahanan ng iyong kabanalan.
- 7 At бага man ang iyong pasimula ay maliit,  
Gayon ma'y ang iyong huling wakas ay lalaking mainam.
- 8 Sapagka't ikaw ay magsiyasat, isinasinamo ko sa iyo, sa unang panahon,  
At ibagay mo sa hinanap ng kanilang mga magulang:
- 9 (Sapagka't tayo'y kahapon lamang, at walang nalalaman,  
Supagka't ang ating mga araw sa lupa ay anino:)
- 10 ¿ Hindi ka ba nila tuturuan, at sasaysayin sa iyo,  
At magsasalita ng mga salita sa kanilang puso?
- 11 ¿ Makatataas ba ang yantok ng walang putik?  
¿ Tutubo ba ang tambo ng walang tubig?
- 12 Samantalang nasa kasariwaan, at hindi pinuputol,  
Natutuyong una kay sa alin mang damo.
- 13 Gayon ang mga landas ng lahat na lumilimot sa Dios;  
At ang pag-asa ng di banal ay mawawala:
- 14 At ang kaniyang pagkakatiwala ay mahihiwalay,  
At ang kaniyang pananalig ay isang bahay ng gagamba.
- 15 Siya'y hihilig sa kaniyang bahay, nguni't hindi tatayo;  
Siya'y pipigil dite, nguni't hindi makapagmamatigas.
- 16 Siya'y sariwa sa harap ng araw,  
At ang kaniyang mga usbong ay kumakalat sa kaniyang halamanan.
- 17 Ang kaniyang mga ugat ay nagkaka-pitan sa palibot ng buntan,  
Kaniyang minamasdan ang lugar ng mga bato.
- 18 Kung siya'y magiba sa kaniyang lugar,
- Kung magkagayo'y itatakuil niya siya, na magsasabing, Hindi kita nakita.
- 19 Narito, ito ang kagalakau ng kaniyang lakad,  
At muta sa lupa ay bubukal ang mga iba.
- 20 Narito, hindi itatakuil ng Dios ang sakdal na tawo,  
O palalakasin man ang mga mangagawa ng kasam-an.
- 21 Kaniya namang pupunuin ang iyong bibig ng pagtawa,  
At ang iyong mga labi ng pagsutsot.
- 22 Silang nangapopoot sa iyo ay mabibihisan ng pagkahiya;  
At ang dampa ng masama ay hindi na malalagay pa.
- 9 Ng magkagayo'y sumagot si Job, at nagsabing,
- 2 Sa katotohanan ay nalaman kong gayon:  
¿ Nguni't paanong makapagbabanal ang tawo sa Dios?
- 3 Kung kalugdan niyang makipagtalo sa kaniya,  
Siya'y hindi makasasagot sa kaniya ng isa sa isang libo.
- 4 Siya'y pantas sa puso, at makapangyarihan sa kalakasan:  
¿ Sinong nagmatigas laban sa kaniya at guminhawa?
- 5 Na siyang bumago ng mga bundok, at hindi nila nalaman,  
Ng mga guluhin niya sa kaniyang pagkagalit.
- 6 Na siyang pinapagpag ng lupa sa kaniyang lugar,  
At ang mga haligi noon ay nanginginig.
- 7 Na siyang nag-utos sa araw, at hindi sumisikat;  
At nagtatakda sa mga bituin.
- 8 Na nag-iisang iniunat ang mga langit,  
At tumutungtong sa mga alon ng dagat.
- 9 Na lumikha sa Osa, sa Orion, at sa mga Pleyade,  
At sa mga silid ng timugan.
- 10 Na gumagawa ng mga malaking bagay na nagpapalampas ng usisa;  
Oo, mga kamanghamanghang mga bagay na walang bilang.
- 11 Narito, siya'y dumaraan sa siping ko, at hindi ko siya nakikita:  
Siya'y nagpapatuloy naman, nguni't hindi ko siya namamataan.

- 12 Narito, siya'y umaagaw, ¿sinong makasansala sa kaniya?  
¿Sinong magsasabi sa kaniyang: Anong ginagawa mo?
- 13 Hindi iurong ng Dios ang kaniyang galit;  
Ang mga manunulong sa Rahab ay yumuyukod sa ilalim niya.
- 14 ¿Gaano pa nga kayang kaliit ang maisasagot ko sa kaniya,  
At pumili ng aking mga salita upang makipagkatuiranan sa kaniya?
- 15 Na, бага man ako'y banal, gayon ma'y hindi ako sasagot sa kaniya;  
Ako'y manamanhik sa aking kaaway.
- 16 Kung ako'y tumawag, at siya'y sumagot sa akin;  
Gayon ma'y hindi ako maniniwala na kaniyang dininig ang aking voces.
- 17 Sapagka't ako'y ginigiba niya sa pamamagitan ng isang bagyo,  
At pinararami ang aking mga sugat na walang kadahilanan.
- 18 Hindi niya ako tutulutang huminga,  
Kungdi pinupuspos niya ako ng kapaitan.
- 19 Kung kami ay magsalita tungkol sa kalakasan, narito, siya'y makapangyarihan. !  
At kung sa kahatulan, ¿sinong magtatakda sa akin ng panahon?
- 20 Baga man ako'y banal, ang aking sariling bibig ay hahatol sa akin:  
Baga man ako'y sakdal, patototohanan niya akong masama.
- 21 Ako'y sakdal; hindi ako magpapakundangan sa aking sarili;  
Aking niwalang kabuluhan ang aking buhay.
- 22 Lahat ay isa: kaya't aking sinasabing, Kaniyang ginigiba ang sakdal at ang masama.
- 23 Kung ang pamalo ay pumapatay na bigla,  
Siya'y tatawa sa pagpapatotoo ng mga walang malay.
- 24 Ang lupa ay nabigay sa kamay ng masama:  
Kaniyang tinatakpan ang mga mukha ng mga hukom noon:  
Kungdi hindi siya, ¿sino nga?
- 25 Ngayo'y ang mga araw ko ay matulinkay sa isang sugo:  
Sila'y tumatakas, sila'y walang nakikitang mabuti.
- 26 Sila'y dumaraang parang mga matuliling sasakyan:  
Parang aguila na sumasakmal ng huli.
- 27 Kung aking sabihing: Aking kalili-mutan ang aking daing,  
Aking babaguhin ang aking *malungkot na mukha*, at magpapakasaya ako:
- 28 Ako'y natatakot sa lahat kong kapanlawan,  
Talastas ko na hindi mo aariin akong walang malay.
- 29 Ako'y maparusahan;  
¿Bakit nga ako gagawa ng walang kabuluhan?
- 30 Kung ako'y maligo ng nieveng tubig,  
At gawin ko ang aking mga kamay na totoong malinis;
- 31 Gayon ma'y itutulak mo ba ako sa hukay,  
At kayayamutan ako ng aking mga sariling kasuotan.
- 32 Sapagka't siya'y hindi tawo, na gaya ko, na sasagot ako sa kaniya,  
Na tayo'y pumasok kapua sa kahatulan.
- 33 Walang hukom sa pag-itan namin,  
Na maglagay ng kaniyang kamay sa amin kapua.
- 34 Ihiwalay niya sa akin ang kaniyang tungkod,  
At huag akong takutin ng kaniyang kakilakilabot:
- 35 Kung magkagayo'y magsasalita ako, at hindi matatakot sa kaniya;  
Sapagka't hindi gayon ako sa aking sarili.
- 10 Ang aking kalulus ay pagod sa aking buhay;  
Aking palalayain ang aking daing;  
Ako'y magsasalita sa kapaitan ng aking kalulus.
- 2 Ako'y magsasabi sa Dios, Huag mo akong parusahan;  
Ipakilala mo sa akin kung bakit naki-kipagtalo ka sa akin.
- 3 ¿Mabuti ba sa iyo na ikaw ay pumig-hati,  
Na iyong walan ng kabuluhan ang gawa ng iyong mga kamay,  
At iyong pasilangin ang payo ng masama?
- 4 ¿Ikaw ba'y may mga matang laman,  
O nakakakita ka bang gaya ng pagkaka-kita ng tawo?
- 5 ¿Ang iyo bang mga kaarawan ay gaya ng mga kaarawan ng tawo,  
O ang iyong mga taon ay gaya ng mga kaarawan ng tawo,
- 6 Na ikaw ay magsiyasat ng aking kasam-an,  
At mag-usisa ng aking kasalanan,

- 7 Baga man iyong nalalaman na ako'y hindi masama;  
At walang makapagliligtas sa iyong kamay?
- 8 Ang iyong mga kamay ang lumalang at nagbigay hichura sa akin  
Sa boong palibot; gayon ma'y ginigiba mo ako.
- 9 Iyong alalahanin, isinasamo ko sa iyo, na ako'y iyong binigyang hichura na parang putik;  
¿At dadalhin mo ba ako uli sa pagkaalabok?
- 10 ¿Hindi mo ba ako ibinuho na parang gatas,  
At binuo mo akong parang keso?
- 11 Ako'y binihisan mo ng balat at laman,  
At tinahi mo ako ng mga buto at mga litid.
- 12 Ako'y pinagkalooban mo ng buhay at biyaya,  
At pinamalagi ang aking espiritu ng iyong pagdalaw.
- 13 Gayon ma'y ang mga bagay na ito ay iyong ikinubli sa iyong puso;  
Talastas ko na ito'y sa iyo:
- 14 Kung ako'y magkasala, iyo nga akong tinatandaan,  
At hindi mo hahatulan na ako'y walong sala sa aking kasaman.
- 15 Kung ako'y maging masama, sa aba ko;  
At kung ako'y maging banal, gayon ma'y hindi ko itataas ang aking ulo;  
Sa paraang puno ng pagkakutya  
At tumitingin sa aking pagkapighati.
- 16 At kung ang aking ulo ay mataas, iyong hinuhuli akong parang leon:  
At napakikita kang uli na kagilagilas sa akin.
- 17 Iyong binabago ang iyong mga saksi laban sa akin,  
At pinalalago mo ang iyong galit sa akin;  
Pagbabago at pagbabaka ay kasama ko.
- 18 ¿Bakit mo nga ako inilabas sa bahay-bata?  
Napatid sana ang aking hininga, at walang matang nakakita sa akin.
- 19 Ako sana'y naging parang hindi ako nabuhay;  
Nadala sana ako mula sa bahay-bata hangang sa libingan.
- 20 ¿Hindi ba kaonti ang aking mga araw? itigil mo nga,
- At ako'y iyong papag-isahin, upang ako'y maginhawahin ng kaonti,
- 21 Bago ako yumaon na hindi ako babalik,  
Sa lupain ng kadiliman at ng lilim ng kamatayan;
- 22 Lupain ng salimuot na dilim, na parang kadiliman;  
Lupain ng lilim ng kamatayan, na walong ano mang ayos,  
At doon sa ang liwanag ay gaya ng kadiliman.
- 11 Ng magkagayo'y sumagot si Zofar na Naamatita, at nagsabing,
- 2 ¿Hindi ba marapat sagutin ang karamihan ng mga salita?  
¿At ang lalaking masalita ay marapat patotohanan?
- 3 ¿Ang iyo bang mga kahambugan ay marapat magpatahimik sa mga tawo?  
¿At pagka ikaw ay tumutuya, wala bang hihiya sa iyo?
- 4 Sapagka't iyong sinasabing, Ang aking aral ay dalisay,  
At ako'y malinis sa iyong mga mata.
- 5 Ngunit Oh ang Dios ay magsasalita,  
At ibubuka ang kaniyang mga labi laban sa iyo;
- 6 At ipakikilala sa iyo ang mga lihim ng karunungan,  
Na gumagawa na may kabuluhan ng sarisaring paraan!  
Talastasin mo nga na ang Dios ay humihingi sa iyo ng kulang kay sa marapat sa iyong kasaman.
- 7 ¿Iyong masusumpungan ba ang Dios sa paghanap?  
¿Masusumpungan ka ba sa kasakdalan ng Makapangyarihan-sa-lahat?
- 8 Mataas na gaya ng langit; ¿anong iyong magagawa?  
Malalim kay sa libingan: ¿anong iyong malalaman?
- 9 Ang sukat noo'y mahaba kay sa lupa,  
At malugaw kay sa dagat.
- 10 Kung siya'y magdaan at magsara,  
At tumawag sa kahalutalan, ¿sino ngang makapipigil sa kaniya?
- 11 Sapagka't nakikilala niya ang mga walong kabuluhang tawo:  
Nakikita naman niya ang kasaman, bga man hindi niya pinakukundanganan.
- 12 Ngunit ang walang kabuluhang lalaki ay walang kaalaman,



- Oo ang tawo'y ipinanganak na parang anak ng mabangis na asno.
- 13 Kung iyong ihahanda ang iyong puso, At iunat mo ang iyong kamay sa kaniya;
- 14 Kung ang kasam-an ay sumaiyong kaunay, ilayo mo, At huag mang patahanin ang di banal sa iyong mga dampa;
- 15 Walang pagsala ngang iyong itataas ang iyong mukha na walang kapintasan;
- Oo, ikaw ay matatag, at hindi mata-takot:
- 16 Sapagka't iyong kalilimutan ang iyong karalitaan;
- Iyong aalalahaning parang tubig na dumaraan:
- 17 At ang iyong buhay ay magiging lalong malinaw kay sa katanghaliang tapat;
- Baga man magkakaroon ng kadiliman, magiging parang umaga.
- 18 At ikaw ay matitiwasay sapagka't may pag-asa;
- Oo, ikaw ay magsisiyasat sa palibot mo, at iyong dadalhin ang iyong kapa-hingahan sa kaligtasan.
- 19 Ikaw nams'y hihiga at walang mag-papapanginig sa iyo;
- Oo, maraming liligaw sa iyo.
- 20 Nguni't ang mga mata ng masama ay mangangalumata,
- At mawawalan sila ng daang tataka-san,
- At ang kanilang pag-asa ay pagkalagot ng hininga.
- 12 Ng magkagayo'y sumagot si Job, at nagsabing,
- 2 Walang pag-aaling-langan na kayo ang bayan,
- At ang karunungan ay mamamatay na kasama ninyo.
- 3 Nguni't ako, may kaalamang gaya ninyo;
- Hindi ako huli sa inyo:
- Oo, ¿sinong hindi nakaalam ng mga bagay na gaya nito?
- 4 Ako'y gaya ng tawananan ng kaniyang kapua,
- Tawong tumatawag sa Dios, at siya'y sumasagot sa kaniya:
- Ang banal, ang tawong sakdal ay tatawanan.
- 5 Sa pag-lisip niyang nasa kaluagan ay may pagtuya para sa kapahamakan;
- Nahahanda para sa kanila na ang pan ay nadudulas.
- 6 Ang mga dampa ng mga tulisan ay gumiginhawa,
- At silang mumumungkahi sa Dios ay tiwasay;
- Na nagdadala ang Dios sa kamay na yaon ng *sagana*.
- 7 Nguni't itanong ngayon sa mga hayop, at sila'y magtuturo sa iyo;
- At sa mga ibon sa himpapawid, at sila'y magsasaysay sa iyo:
- 8 O magsalita ka sa lupa, at magtuturo sa iyo;
- At ang mga isda sa dagat ay magsasaysay sa iyo.
- 9 ¿Sinong hindi nakakaalam sa lahat ng ito,
- Na ang kamay ng PANOLNOON ay gumawa nito?
- 10 Nasa kamay niya ang kalulua ng lahat ng bagay na may buhay,
- At ang hinga ng lahat ng tawo.
- 11 ¿Hindi ba tumitikim ng mga salita ang pakinig,
- Gaya ng lalamunan na lumalasa ng ulam niya?
- 12 Nasa mga matanda ang karunungan,
- At sa mahabang gulang ang kaalaman.
- 13 Nasa Dios ang karunungan at kapangyarihan;
- Kaniya ang payo at pagkaalam.
- 14 Narito, siya'y nagbabagsak at hindi maitayo uli;
- Siya'y nagkukulong ng tawo at hindi mabubuksan.
- 15 Narito, kaniyang pinipigil ang mga tubig at mga natutuyo;
- Muli, kaniyang binibitawan at ginugulo ang lupa.
- 16 Nasa kaniya ang kalakasan at ang may kabuluhang paggawa;
- Ang nagkakamali at ang mamamali ay kaniya.
- 17 Kaniyang pinalalakad ang mga tagapayo na hubad sa bait,
- At ginagawa niyang mga mangmang ang mga hukom.
- 18 Kaniyang kinakalag ang kapangyarihan ng mga hari,
- At binigkisan ang kaniyang mga baiwang ng pamigkis.
- 19 Kaniyang pinalalakad ang mga sacerdote na hubad sa bait,
- At ibinubual ang makapangyarihan.
- 20 Kaniyang binabago ang salita ng tapat,
- At inaalig ang kaalaman ng mga matanda.

- 21 Siya'y nagbubuhos ng kutya sa mga pangulo,  
At kinakalag ang bigkis ng malakas.
- 22 Siya'y naglilitaw ng mga malalim na bagay sa kadiliman,  
At inilalabas sa liwanag ang lihim ng kamatayan.
- 23 Siya'y nagpapalago ng mga nacion, at mga nililipol niya:  
Kaniyang inilalatag ang mga nacion, at mga ipinapasok.
- 24 Kaniyang inaalas ang mga puso ng mga puso ng bayan ng lupa,  
At kaniyang pinagagala sa ilang na walang langganan.
- 25 Sila'y kumakapa sa dilim na walang liwanag,  
At kaniyang pinapag-uulol na parang laño.
- 13 Narito, nakita ang lahat na ito ng aking mata,  
Ang aking tainga ay nakarinig at nakaalam.
- 2 Kung ano ang inyong nalalaman, nalalaman ko rin naman:  
Hindi ako huli sa inyo.
- 3 Walang pagsalang ako'y magsasalita sa Makapangyarihan-sa-lahat,  
At nagnanasa akong makipagkatuiran sa Dios.
- 4 Nguni't kayo'y mapagpaapaw ng mga kabulaanan,  
Kayong lahat ay mga mangagamot na walang kabuluhan.
- 5 | Kahi manuari ay tumahimik kayong lahat!  
At magiging inyong karunungan.
- 6 Dingin ninyo ngayon ang aking pangangatuiran,  
At inyong dingin ang mga pagsasangalang ng aking mga labi.
- 7 | Kayo ba'y magsasalita ng kasam-ang ikabubuti ng Dios,  
At nagsasalita ng pagdaraya sa ikabubuti niya?
- 8 | Inyo bang igagalang ang kaniyang pagkadios?  
| Inyo bang ipakikipagtalo ang Dios?
- 9 | Mabuti ba na siya'y magsiyasat sa inyo?  
O kung paanong dinadaya ang isang tawo | ay inyo bang dadayain siya?
- 10 Walang pagsalang sasawayin niya kayo,  
Kung lihim na kayo'y tatangi ng pagkatakawo.
- 11 | Hindi ba kayo tatakutin ng kaniyang karangalan,  
At ang gulat sa kaniya ay sasa inyo?
- 12 Ang inyong mga marapat na alalahanin na mga sabi ay mga kawikaang abo,  
Ang inyong mga pagsasangalang ay mga pagsasangalang na putik.
- 13 Tumahimik kayo, bayaan ninyo ako, upang ako'y makapagsalita.  
At padatingin sa akin ang darating.
- 14 | Kakagatin ko nga sa ang aking laman ng aking mga ngipin,  
At aking ilalagay ang aking buhay sa aking kamay?
- 15 Baga man ako'y patayin niya, akin ding hihintayin siya:  
Gayon ma'y aking aalalayan ang aking mga lakad sa harap niya.
- 16 Ito naman ay magiging aking kaligtasan;  
Sapagka't ang isang di banal ay hindi makahaharap sa kaniya.
- 17 Dingin ninyong mainat ang aking salita,  
At ang aking pahayag ay sumainyong mga tainga.
- 18 Narito, ngayon, aking inayos ang aking usap;  
Talastas ko na ako'y banal.
- 19 | Sino ang makikipagtalo sa akin?  
Sapagka't ngayo'y tatahimik ako at aking iiwan ang hininga.
- 20 Dalawang bagay lamang ang huag mong gawin sa akin,  
Kung magkagayo'y hindi ako magkukubli sa iyong mukha:
- 21 Iurong mo ng malayo ang iyong kamay sa akin;  
At huag akong takutin ng kilabot sa iyo.
- 22 Kung magkagayo'y tumawag ka, at ako'y sasagot;  
O papagsalitaan mo ako, at sumagot ka sa akin.
- 23 | Ilan ang aking mga kasam-an at mga kasalanan?  
Ipakilala mo sa akin ang aking salangang at ang aking kasalanan.
- 24 | Bakit ikinukubli mo ang iyong mukha,  
At inaari mo akong iyong kaaway?
- 25 | Iyo bang panginigilabutin ang isang dahong pinapasas ng hanjin?  
| At iyo bang hahabulin ang dayaming tuyo?
- 26 Sapagka't ikaw ay sumusulat ng mga mapait na bagay laban sa akin,  
At ipinamamana mo sa akin ang mga kasam-an ng aking kabataan:

- 27] Iyo ring inilalagay ang aking mga paa sa pangawan, at iginuguhit mo ang lahat ng aking mga landas:  
Ikaw ay gumuguhit ng isang guhit sa palibot ng mga talampakan ng aking mga paa:
- 28 Baga man ako'y gaya ng bagay na bulok na nauubos,  
Na gaya ng damit na inaanay.
- 14 Tawong ipinanganak ng babaye  
Ay sa kaonting araw, at puno ng kabagabagan.
- 2 Siya'y umuusli na parang bulaklak, at nalalagas:  
Siya nama'y tumatakas na parang anino, at hindi namamalagi.
- 3 ¿ At iyo bang idinidilat ang iyong mga mata sa isang gaya nito,  
At dinadala mo ako sa kahatulan na kasama mo?
- 4 ¿ Sinong makakukuba ng malinis na bagay sa marumi? sino man.
- 5 Sa paraang ang kaniyang mga araw ay natatakda, ang bilang ng kaniyang mga buan ay kasama mo,  
At iyong itinakda ang kaniyang mga hanganan upang huag siyang makaraan;
- 6 Ilay mo sa kaniya ang iyong paninagin, upang siya'y makapagpahinga,  
Hangang sa maganap niya, na parang isang magpapaupa, ang kaniyang araw.
- 7 Sapagka't may pag-asa sa isang punong kahoy, kung putulin, ay sisibol uli,  
At ang malambot na sangá niya ay hindi maglilikat.
- 8 Baga man ang kaniyang ugat ay tumanda sa lupa,  
At ang puno niya'y mamatay sa lupa;
- 9 Gayon ma'y sa pamamag-itan ng amoy ng tubig ay sisibol,  
At magsasanga na parang pananim.
- 10 Nguni't ang tawo ay namamatay at nabubual:  
Oo, ang tawo ay nalalagutan ng hingá at ¿ saan nandoon siya?
- 11 Kung paanong ang mga tubig ay lumalabas sa dagat,  
At ang ilog ay humuhupa at natutuyo;
- 12 Gayon ang tawo ay nabubual at hindi nakababangon:  
Hangang sa ang langit ay hindi na langit, sila'y hindi babangon,  
O gigising man sa kanilang pagkakatulog.
- 13 | Oh ikaw na magkukubli sa akin sa libingan,

- Na iingatan mo akong lihim hangang sa ang iyong pag-iinit ay makaraan,  
Na tatakdaan mo ako ng takdang panahon, at iyong aalalahanin ako!
- 14 Kung ang isang tawo ay mamatay, ¿ mabubuhay pa ba siya?  
Lahat ng araw ng aking pakikipagbaka ay maghihintay ako,  
Hangang sa ang paghahalili sa akin ay dumating.
- 15 Ikaw ay tatawag, at ako'y sasagot sa iyo:  
Ikaw ay magkakanasa gawa ng iyong mga kamay.
- 16 Nguni't ngayo'y binibilang mo ang aking mga hakbang:  
¿ Hindi mo ba binabantayan ang aking kasalanan?
- 17 Ang aking pagsalangsang ay natatakdaan sa isang bayong,  
At iyong tinatahi ang aking kasam-an.
- 18 At tumay na ang bundok na nahuhulog, ay natitibag,  
At ang bato ay nababago sa kaniyang lugar;
- 19 Inuukit ng mga tubig ang mga bato;  
Tinangay ng mga baha niya ang alabok ng lupa:  
At iyong ginigiba ang pag-asa ng tawo.
- 20 Ikaw ay nananaig kailan man laban sa kaniya at siya'y nagdaraan;  
Iyong binabago ang kaniyang mukha, at iyong pinapagpapaalam siya.
- 21 Ang kaniyang mga anak ay nagkakaroon ng karangalan, at hindi niya nalalaman;  
At sila'y ibinababa, nguni't hindi niya nahahalata siya.
- 22 Nguni't ang kaniyang laman sa kaniya ay masakit,  
At ang kaniyang kalulua sa loob niya ay namamanlaw.
- 15 Ng magkagayo'y sumagot si Elifaz na Temanita, at nagsabing,  
2 ¿ Sasagot ba ang isang pantas ng walang kabuluhang kaalaman,  
At pupunuin ang kaniyang tiyan ng hanging silanganan?  
3 ¿ Makikipagkatuiranan ba siya ng walang kapakinabangan na usapan,  
O ng mga salita na hindi niya ikagagawa ng mabuti?  
4 Oo, iyong inaalis ang katakutan,  
At iyong pinipigil ang dalangin sa harap ng Dios.

- 5 Sapagka't ang iyong kasam-an ay nagtuturo sa iyong bibig,  
At iyong pinipili ang dila ng mangangatha.
- 6 Ang iyong sariling bibig ang sumasaksi laban sa iyo, at hindi ako;  
Oo, ang iyong sariling mga labi ay nagpapatotoo laban sa iyo.
- 7 ¿Ikaw ba ang unang tawo na ipinanganak?  
¿O nalabas ka ba na una kay sa mga burol?
- 8 ¿Iyo bang narinig ang lihim ang payo ng Dios?  
¿At ikaw ba'y nag-iingat ng karunungan sa iyong sarili?
- 9 ¿Anong nalalaman mo na di namin nalalaman?  
¿Anong natatalastas mo na wala sa amiu?
- 10 Kasama namin ay mga ulong may uban, at mga totoong napakatandang tawo,  
Matandang makapupo kay sa iyong ama.
- 11 ¿Ang mga pag-alihw ba ng Dios ay totoong maliit pa sa iyo,  
At ang salitang napakabuti sa iyo?
- 12 ¿Bakit ang iyong puso ay dinadala mo?  
¿At bakit ang iyong mata ay kumikindat?
- 13 Na iyong ibinabalik ang espiritu laban sa Dios,  
At pinabubuka ang *ganiyang* mga salita sa iyong bibig.
- 14 ¿Ang tawo upang malinis?  
¿At siyang ipinanganak ng babaye, upang siya'y maging banal?
- 15 Narito, siya'y hindi umaasa sa kaniyang mga santo;  
Oo, ang mga langit ay hindi malinis sa kaniyang paningin.
- 16 ¿Gaano pa ngang kaliit ang karumaldumal at hamak,  
Ang tawong umiinom ng kasam-an ng parang tubig!
- 17 Ipakikilala ko sa iyo, dingin mo ako;  
At ang aking nakita ay aking ihahayag.
- 18 (Ang isinaysav ng mga pantas Na mula sa kanilang mga magulang, at hindi ipinagilihim;
- 19 Sa mga yaon lamang ibinigay ang lupain,  
At walang taga ibang lupa na tumatahan sa gitna nila:)
- 20 Ang masamang tawo ay nagdaramdam ng sakit lahat ng kaniyang araw,  
Sa makatuid bagay ang bilang ng mga taon na itinakda sa mamimig-hati.
- 21 Ang hugong ng kakilakilabot ay nasa kaniyang mga pakinig;  
Sa kaginhawahan ay darating sa kaniya ang mananamsam:
- 22 Siya'y hindi naniniwala na babalik na mula sa kadiliman,  
At siya'y hinihintay ng tabak:
- 23 Siya'y gumagala dahil sa tinapay, *na sinasabing*: ¿Saan na doon?  
Kaniyang nalalaman na ang araw ng kadiliman ay handa sa kaniyang kamay:
- 24 Kapanlawan at kadalambahatian ay tumatakot sa kaniya;  
Sila'y nananaig laban sa kaniya, na parang isang hari na handa sa paki-kipagbaka:
- 25 Sapagka't iniuunat niya ang kaniyang kamay laban sa Dios,  
At nagpapalalo laban sa Makapang-yarihan-sa-lahat;
- 26 Tinatakbo niya siya na may *matigas* na leeg,  
Sa kakapalan ng kaniyang mga kala-sag:
- 27 Sapagka't tinakpan niya ang kaniyang mukha ng kaniyang katabaan,  
At magkulubot ng kaniyang mga pigi;
- 28 At siya'y tumahan sa mga sirang ciudad,  
Sa mga bahay na walang tawong tumatahan,  
Na madaling magiging mga buntun.
- 29 Hindi siya yayaman, o mamalagi man ang kaniyang pag-aari,  
O lagago man sa lupa ang kaniyang pakinabang.
- 30 Siya'y hindi hihiwalay sa kadiliman;  
Tutuyuin ng liab ang kaniyang mga sanaga,  
At sa pamamag-itan ng linga ng bibig niya ay yayaon siya.
- 31 Huag siyang umasa sa walang kabuluhan, na dayain ang sarili:  
Sapagka't walang kabuluhan ang magiging kagantihan sa kaniya.
- 32 Matutupad bago *dumating* ang kaniyang kapanahunan,  
At ang kaniyang mga sanaga ay hindi mananariwa.
- 33 Lalagasin niya ang kaniyang mga hilaw na bunga na gaya ng puno ng uvas,

- At lalagasin ang kaniyang bulaklak ng gaya ng oliva.
- 34 Sapagka't ang pulutong ng mga di banal ay manglalata,  
At susupukin ng apoy ang mga dampa ng suhol.
- 35 Sila'y naglililihi ng pag-api at nangananganak ng kasam-an,  
At ang kanilang tiyan ay naghahanda ng pagdaraya.
- 16 Ng magkagayo'y sumagot si Job, at nagsabing,  
2 Ako'y nakarinig ng maraming ganiyang mga bagay:  
Maralitang mga mang-aaliw kayong lahat.
- 3 Magkakawakas ba ang mga walang kabuluhang salita?  
O anong iminumungkahi sa iyo, upang ikaw ay sumagot?
- 4 Ako nama'y makasasagot ng gaya ng inyong ginagawa;  
Kung ang iyong kalulua ay nasa lugar ng aking kalulua,  
Ako'y makapagdudugtongdugtong ng salita laban sa inyo,  
At gagalaw ang aking ulo sa inyo,
- 5 Nguni't aking palalakasino kayo ng aking bibig,  
At ang pag-aliw ng aking mga labi ay magpapatigil ng inyong kapanlawan.
- 6 Baga man aking sinalita na ang aking kapanlawan ay hindi tumitigil:  
At baga man ako'y tumatahimik, ano lalayo ba sa akin?
- 7 Nguni't ngayo'y pinagod niya ako:  
Giniba mo ang aking boong pulutong.
- 8 At ako'y binagabag mo, na siyang saksi laban sa akin;  
At ang aking kapayatan ay nagbabangon laban sa akin, nagpapatotoo sa aking mukha.
- 9 Pinapagdaramdam niya ako sa kaniyang pag-iinit, at hinahabol ako;  
Siya'y nangganggalit sa akin ng kaniyang mga ngipin:  
Pinapangdidilat ng aking kaaway ang kaniyang mga mata sa akin.
- 10 Kanilang pinaluluang ang kanilang bibig:  
Kanilang sinugatan ako sa pisngi ng kahiyahiya:  
Sila'y nagpipipisan laban sa akin.
- 11 Ibinibigay ako ng Dios sa di banal,  
At inihahagis niya ako sa mga kamay ng masama.
- 12 Ako'y nasa kapahingahan, at kaniyang niligalig akong mainam;  
Oo, tinangnan niya ako sa leeg, at pinagtiladtilad niya ako:  
Inilagay naman niya akong pinakataanda niya.
- 13 Kinukulong ako ng kaniyang mga mangbobosog,  
Kaniyang iginigiba ang aking mga bato, at hindi nagpapatawad;  
Kaniyang ibinubuhos ang aking apdo sa lupa.
- 14 Kaniyang ginigiba ako ng sira't sira;  
Siya'y parang isang makapangyarihang tinatakbo niya ako.
- 15 Ako'y tumahi ng kayong magaspang sa aking balat,  
At aking inilagay ang aking sungay sa alabok.
- 16 Ang aking mukha ay namamaga sa pag-iyak,  
At sa aking mga pilik mata ay magpapahinga ang anino ng kamatayan;
- 17 Baga man walang karahasan sa aking mga kamay,  
At ang aking dalangin ay malinis.
- 18 Oh lupa, huag mong takpan ang aking dugo,  
At huag magkaroon ng kapahingahang lugar ang aking daing.
- 19 Ngayon din, narito, ang aking saksi ay nasa langit,  
At siyang sumasagot sa akin ay nasa kaitaan.
- 20 Ginagalit ako ng aking mga kaibigan:  
Nguni't ang aking mata ay nagbubuhos ng luha sa Dios;
- 21 Upang kaniyang aalalayanan ang matuid ng tawo sa Dios,  
At ng anak ng tawo sa kaniyang kapua.
- 22 Sapagka't pagka ang ilang mga taon ay nangakaraan,  
Ako'y paroroon sa daan na hindi ko pagbabalikan.
- 17 Ang aking espiritu ay naubos, ang aking mga araw ay natatapos,  
Ang libingan ay handa sa akin.
- 2 Tunay na may mga manunuya na kasama ako,  
At ang aking mata ay tumatahan sa kanilang pamumungkahi.
- 3 Magbigay ka ngayon ng sanla, isagot mo ako sa iyong sarili;  
Sinong magbubuhay ng mga kamay sa akin?
- 4 Sapagka't iyong ikinubli ang kanilang puso sa kaalaman:

- Kaya't hindi mo *sila* itataas.
- 5 Ang naglililo sa kaniyang mga kaibigan upang mahuli,  
Ang mga mata nga ng kaniyang mga anak ay mangangalumata.
- 6 Ginawa naman niya akong kawikaan ng bayan;  
At ako'y naging hayag na dusta.
- 7 Ang aking mata naman ay nanglalalim dahil sa kapanlawan,  
At ang boong sangkap ko ay parang isang anino.
- 8 Mga banal na tawo ay matitigilan nito,  
At ang walang sala ay babangon laban sa masama.
- 9 Gayon ma'y magpapatuloy ang banal ng kaniyang lakad,  
At ang may malinis na mga kamay ay lalakas ng lalakas.
- 10 Nguni't magbalik kayo, kayong lahat, at parito ngayon;  
At hindi ako makakasumpong ng isang pantas sa gitna ninyo.
- 11 Ang aking mga araw ay nagdaan, ang aking mga pakana ay nasira,  
Sa makatuid baga'y ang mga akala ng aking puso.
- 12 Kanilang ginawang araw ang gabi:  
Ang liwanag, *wika nila*, ay malapit sa kadiliman.
- 13 Kung aking hanapin ang libingan na parang aking bahay;  
Kung aking ilatag ang aking hihigan sa kadiliman;
- 14 Kung sinabi ko sa kapahamakan:  
Ikaw ay aking ama;  
Sa uod: *Ikaw ay aking ina*, at aking kapatid na babaye;
- 15 ¿Saan nga nandoon ang aking pag-asa?  
At tungkol sa aking pag-asa, ¿sinong makakakita?
- 16 Bababa sa mga sikang ng libingan,  
Pagka nagkaroon ng kapahingahan sa alabok.
- 18 Ng magkagayo'y sumagot si Bildad na Suhita, at nagsabing,  
2 ¿Hangang kailan manghuhuli kayo ng mga salita?  
Inyong bulayin, at pagkatapos ay magsasalita kami.
- 3 ¿Bakit kami ay nabibilang na parang mga hayop,  
At naging marumi sa inyong paningin?
- 4 Ikaw na nagkakapirapiraso sa iyong galit,
- ¿Kalilimutan ba ang lupa dahil sa iyo?  
¿O mababago ba ang bato sa kaniyang lugar?
- 5 Oo, ang ilaw ng masama ay papatayin,  
At ang liab ng kaniyang apoy ay hindi lililwanag.
- 6 Ang ilaw ay magiging dilim sa kaniyang dampa,  
At ang kaniyang ilawan sa itaas niya ay papatayin.
- 7 Ang mga habkang ng kaniyang kalakasan ay matatatag,  
At ang kaniyang payo ay ibabagsak.
- 8 Sapagka't siya'y nahagis saalang sa pamamagitan ng kaniyang sariling mga paa,  
At siya'y lumalakad sa mga silo.
- 9 Isang silo ay huhuli sa *kaniya* sa mga sakong,  
At isang bitag ay huhuli sa *kaniya*.
- 10 Ang panali ay nakakubli para sa *kaniya* sa lupa,  
At isang silo para sa *kaniya* ay nasa daan.
- 11 Mga kakilakilabot ay tatakot sa *kaniya* sa lahat ng dako,  
At hababul sa *kaniya* sa kaniyang mga sakong.
- 12 Ang kaniyang kalakasan ay manglatala sa gutom,  
At ang kapahamakan ay mahahanda sa kaniyang tagiliran.
- 13 Susupukin ang mga sangkap ng kaniyang katawan,  
Oo, lalamunin ng panganay ng kamatayan ang kaniyang mga sangkap.
- 14 Siya'y bubunutin sa kaniyang dampa na kaniyang inaasahan;  
At siya'y dadalhin sa hari ng mga kakilalubutan.
- 15 Tatahan sa kaniyang dampa ang hindi nauukol sa *kaniya*:  
Azufre ay makakalat sa kaniyang tahanan.
- 16 Ang kaniyang mga ugat ay matutuyo sa ilalim,  
At sa ibabaw ay ihihiwalay ang kaniyang sangka.
- 17 Ang alaala sa *kaniya* ay mawawala sa lupa,  
At siya'y mawawalan ng pangalan sa langganan.
- 18 Siya'y papatnubayan sa kadiliman na mula sa liwanag,  
At tapon sa labas ng sanglibutan.
- 19 Siya'y hindi magkakaroon kabi't anak,

- o anak man ng anak sa gitna ng kaniyang bayan,  
 O ano mang nalabi sa kaniyang pang-  
 ngibang bayan.
- 20 Silang dumarating na huli ay matiti-  
 gilan sa kaniyang kaarawan,  
 Gaya ng mga una ay nangatakot.
- 21 Tunay na ito ang mga tahanan ng mga  
 di banal,  
 At ito ang lugar noong hindi nakaka-  
 kilala sa Dios.
- 19 Ng magkagayo'y sumagot si Job,  
 at nagsabing,  
 2 ; Hangang kailan duduahagihin ninyo  
 ang aking kalulua,  
 At pagpipirapirasohin ako ng mga  
 salita?
- 3 Ng makasampung ito ay pinulaan  
 ninyo ako:  
 Kayo'y hindi nangapapahiya na nag-  
 papahirap sa akin.
- 4 At maging ako'y nagkamali,  
 Ang aking kamalian ay naiwan sa  
 aking sarili.
- 5 Kung tunay na kayo'y magpapakalaki  
 laban sa akin,  
 At ipakikipagtalo laban sa akin ang  
 kapulaan sa akin:
- 6 Talastasin ninyo na ipinahamak ako  
 ng Dios sa aking usap,  
 At kinulong ako ng kaniyang silo.
- 7 Narito, ako'y humihiyaw dahil sa  
 kamalian, nguni't hindi ako dinidi-  
 nig;  
 Ako'y humiyaw upang tulungan,  
 nguni't walang kahatulan.
- 8 Kaniyang binakuran ang aking daan  
 upang huag akong makaraan,  
 At naglagay ng kadiliman sa aking  
 mga landas.
- 9 Hinubaran niya ako ng aking kalual-  
 hatian,  
 At inalis ang korona ng aking ulo.
- 10 Kaniyang binasag ako sa lahat ng  
 dako, at ako'y yumayaon:  
 At ang aking pag-asa ay binunot ni-  
 yang parang puno ng kahoy.
- 11 Kaniya namang pinapag-alab ang kani-  
 yang pag-iinit laban sa akin,  
 At ibinilang niya ako sa kaniya na  
 parang isa sa kaniyang mga kaaway.
- 12 Ang kaniyang mga hukbo ay sumasa-  
 gupang magkakasama, at ipinapatag  
 ang kanilang lakad laban sa akin,  
 At tumayo sa palibot ng aking dampa.
- 13 Inilayo niya ang aking mga kapatid  
 sa akin,

- At ang aking kakilala ay pawang na-  
 ngiba sa akin.
- 14 Ang aking mga kamag-anak ay na-  
 bawasan,  
 At nilimot ako ng aking mga kasama-  
 samang kaibigan.
- 15 Silang tumataban sa aking bahay, at  
 ang aking mga aliping babaye; ay  
 ibinibilang akong taga ibang lupa;  
 Ako'y naging kaiba sa kanilang pani-  
 ngin.
- 16 Aking tinawag ang aking alipin, at  
 hindi ako sinagot,  
*Bagay man sinamo ko siya ng aking*  
*bibig.*
- 17 Ang aking hinga ay iba sa aking  
 asawa,  
 At ang aking pamanhik sa mga anak  
 ng bahay-bata ng aking ina.
- 18 Pati ng mga bata ay muwawalang  
 kabuluhan sa akin;  
 Kung ako'y bumangon, sila'y nagsasa-  
 lita laban sa akin.
- 19 Lahat ng aking mga mahal na kaibigan  
 ay nagtatakuil sa akin:  
 At ang aking mga miuamahal ay nag-  
 balik laban sa akin.
- 20 Ang aking buto ay dumidikit sa aking  
 balat at sa aking laman,  
 At ako'y nakataanan ng balat ng aking  
 mga ngipin.
- 21 Magkaroon kayo ng habag sa akin,  
 magkaroon kayo ng habag sa akin,  
 Oh kayong mga kaibigan ko;  
 Sapagka't kinilos ako ng kamay ng  
 Dios.
- 22 ; Bakit ninyo ako hinahabol na gaya  
 ng Dios,  
 At hindi pa kayo nakakasiyahan sa  
 aking laman?
- 23 ; Oh ang aking mga salita ay nauka-  
 sulusulat ngayon!  
 ; Oh na mga nalalagda sa isang libro!
- 24 ; Na sa pamamag-itan ng bakal na  
 pluma at tinga  
 Nangaunakit sa bato magpakailan man!
- 25 Nguni't talastas ko na ang manunubos  
 sa akin ay buhay,  
 At siya'y tatayo sa kahulihulihan sa  
 lupa:
- 26 At pagkatapos na ang aking balat ay  
 nagibang ganito,  
 Gayon ma'y mula sa aking laman ay  
 makikita ko ang Dios:
- 27 Sinong titingnan ko para sa aking  
 sarili,  
 At ang aking mga mata ay titingin,  
 at hindi iba.

- Ang aking mga kalooban ay natutunaw sa loob ko.
- 28 Kung inyong sabihing: ; Paanong a-ming hababulin siya!  
Sa bagay ang ugat ng bagay ay nasusumpungan sa akin:
- 29 Matakot kayo sa tabak:  
Sapagka't ang pag-aalab ng loob ay nagdadala ng mga parusa ng tabak,  
Upang inyong makilala na may kahalutalan.
- 20 Ng magkagayo'y sumagot si Zofar na Naamatita, at nagsabing,  
2 Kaya't nagbibigay sagot sa akin ang aking mga pag-iisip,  
Dahil sa aking pagmamalali na nasa akin.  
3 Aking narinig ang pagsaway na naglalagay sa akin sa kahibiyang, At ang espiritu ng aking kaalaman ay sumasagot sa akin.  
4 ; *Hindi* mo ba nalalaman ng una, Mula na ang tawo'y malagay sa lupa,  
5 Na ang pagtatagumpay ng masama ay maikli,  
At ang kagalakan ng di banal ay sandali lamang?  
6 Baga man ang kaniyang karangalan ay napailanglang hangang sa mga langit,  
At ang kaniyang ulo ay umaabot hangang sa mga alapaap;  
7 Gayon ma'y matutunaw siya magpakailan man, na gaya ng kaniyang sariling dumi:  
Silang nangakakita sa kaniya ay mag-sasabing: ; Saan nandoon siya?  
8 Siya'y lilipad na parang panaginip, at hindi na masusumpungan:  
Oo, siya'y tatakas na parang malikmata sa gabi.  
9 Ang mata na nakakita sa kaniya ay hindi na makikita pa siya;  
O ang kaniya mang lugar ay titingin pa sa kaniya.  
10 Hahanapin ng kaniyang mga anak ang biyaya ng dukha,  
At ang kaniyang mga kamay ay mag-sasauli ng kaniyang kayamanan.  
11 Ang kaniyang mga buto ay puno ng kaniyang kabataan,  
Nguni't hibiga na kasama niya sa alabok.  
12 Baga man ang kasam-an ay matamis sa kaniyang bibig,  
Baga man kaniyang itinatago sa ilalim ng kaniyang dila;
- 13 Baga man kaniyang pinatawad, at hindi niya pinayayaon,  
Kungdi ingatan pa sa loob ng kaniyang bibig:  
14 Gayon ma'y ang kaniyang pagkain ay nabago na sa kaniyang tiyan,  
Siyang kamandag ng mga ahas sa loob niya.  
15 Siya'y sumakmal ng mga kayamanan, at kaniyang mga ilulua uli:  
Mga aalisin uli ng Dios sa kaniyang tiyan.  
16 Kaniyang hihititin ang kamandag ng mga aspid:  
Papatayin siya ng dila ng ulupong.  
17 Hindi niya matitingnan ang mga ilog,  
Ang umaagos na mga agos ng pulot at mantekilla.  
18 Na kaniyang isasauli ang kaniyang pinagpagalan, at hindi lalamumin;  
Ayon sa pag-aari na kaniyang tinan-killik, hindi siya magagalak.  
19 Sapagka't kaniyang pinighati at pinabayaan ang dukha;  
Kaniyang kinuhang marahas ang isang bahay, at hindi niya itinayo.  
20 Sapagka't hindi siya nakakilala ng katiwasayan sa loob niya,  
Hindi siya magliligas ng ano man sa kaniyang kiraluluguran.  
21 Walang bagay na naiwan na hindi niya sinakmal;  
Kaya't ang kaniyang kaginhawahan ay hindi magmamatigas.  
22 Sa kayamanan ng kaniyang kabusugan ay magiging siya sa kagipitan:  
Ang kamay ng bawa't nasa karalitaan ay darating sa kaniya.  
23 Pagka kaniyang pupunuin ang kaniyang tiyan,  
Ibabagsak ng Dios ang kaniyang mabangis na pag-iinit sa kaniya,  
At uulan sa kaniya samantalang siya'y kumakain.  
24 Kaniyang tatakasan ang sakbat na bakal,  
At ang bosesog na tanso ay uulos sa kaniya.  
25 Hinahawakan niya ang pana at lumalabas sa kaniyang katawan:  
Oo, ang makintab na talim ay lumalabas mula sa kaniyang apdo;  
Mga kakilabutan ay nasa kaniya.  
26 Labat na kadiliman ay nalalagay na mga pinakakayamanan niya:  
Isang apoy na hindi hinipan ng tawo ay susupok sa kaniya;



- Susupukin noon ang naiwan sa kaniyang dampa.
- 27 Ibahayag ng mga langit ang kaniyang kasam-an,  
At ang lupa ay magbabangon laban sa kaniya.
- 28 Ang pakinabang ng kaniyang bahay ay yayaon,  
Ang kaniyang mga pag-aari ay lilipad sa kaarawan ng kaniyang pag-iinit.
- 29 Ito ang bahagi na mula sa Dios ng masamang tawo,  
At ang manang takda sa kaniya ng Dios.
- 21** Ng magkayo'y sumagot si Job, at nagsabing,  
2 Dingin ninyong mainam ang aking salita;  
At ito'y maging inyong mga kaaliwan.
- 3 Tiisin ninyo ako, at ako nama'y mag-sasalita;  
At pagkatapos na ako'y makapagsalita, tumuya kayo.
- 4 Tungkol sa akin, ay sa tawo ba ang aking daing?  
At bakit hindi ako mayayamot?
- 5 Tandaan ninyo ako, at matigilan kayo,  
At ilagay ninyo ang inyong kamay sa inyong bibig.
- 6 Pagka aking naaalala nga ay nababagabag ako,  
At kakilabutan ang humahawak sa aking laman.
- 7 Bakit nabubuhay ang masama,  
Nagiging matanda, oo, nagiging malakas sa kapangyarihan?
- 8 Ang kanilang binhi ay natatatag na kasama nila sa kanilang paningin,  
At ang kanilang mga usbong ay sa harap ng kanilang mga mata.
- 9 Ang kanilang mga bahay ay ligtas sa katakutan,  
At hindi ang pamalo man ng Dios ay nasa kanila.
- 10 Ang kanilang toro ay nagkakaanak, at hindi nabubulaanan;  
Ang kanilang baka ay nanganakanak, at hindi napapahamak ang kaniyang guya.
- 11 Kanilang sinusugo ang kanilang mga bata na parang kawan,  
At ang kanilang mga anak ay sumasayaw.
- 12 Sila'y umaawit na katugma ng pandereleta at alpa,  
At nagagalak sa tunog ng flauta.
- 13 Kanilang ginugugol ang kanilang mga araw sa kaginhawahan,  
At sa isang sandali ay bumababa sila sa libingan.
- 14 Gayon ma'y sinasabi nila sa Dios:  
Lumayo ka sa amin;  
Sapagka't hindi namim ninanasa ang pagkakilala ng inyong mga lakad.
- 15 Ano ang Makapangyarihan-sa-lahat na kami ay maglilinkgod sa kaniya?  
At anong pakinabang magkakaroon kami, kung kami ay dumalangin sa kaniya?
- 16 Narito, ang kanilang kaginhawahan ay wala sa kanilang kamay:  
Ang payo ng masama ay malayo sa akin.
- 17 Gaano kadalas namamatay ang ilawan ng masama?  
Na ang kanilang kapahamakan ay dumarating sa kanila?  
Na nagbabahagi ang Dios ng mga kapanlawan sa kaniyang galit?
- 18 Na sila'y parang dayami sa harap ng hangin,  
At parang kugon na dinadala ng bagyo?
- 19 Inyong sinasabing: Inilalagay ng Dios ang kaniyang kasaman sa kaniyang mga anak.  
Gantihin sa kaniyang sarili upang makilala niya.
- 20 Makita ng kaniyang mga mata ang kaniyang pagkagiba,  
At uminom siya ng pag-iinit ng Makapangyarihan-sa-lahat.
- 21 Sapagka't anong kasayahan mairoon siya sa kaniyang bahay pagkatapos niya,  
Pagka ang bilang ng kaniyang mga buan ay nahihalay sa gitna?
- 22 Magtuturo ba ang sino man sa Dios ng kaalaman?  
Sa bagay ay kaniyang hinahatulan yaong mga mataas.
- 23 Isa'y namamatay sa kaniyang lubos na kalakasan,  
Sa paraang walang babala at tahimik:
- 24 Ang kaniyang mga suso ay puno ng gatas,  
At ang utak ng kaniyang mga buto ay basa.
- 25 At ang iba'y namamatay sa kapaitan ng kalulua,  
At kailan man ay hindi nakakalasa ng mabuti.
- 26 Sila'y nahihigang magkakasama sa alabok,

- At tinatakpan sila ng uod.
- 27 Narito, aking nakikilala ang inyong mga pag-iisip,  
At ang mga haka na maling inyong inaakala laban sa akin.
- 28 Sapagka't inyong sinasabing: ; Saan nandoon ang bahay ng pangulo?  
; At saan nandoon ang dampa na tinatahanan ng masama?
- 29 ; Hindi ba ninyo itinanonong sa kanilang nagdadaan?  
; At hindi ba ninyo nalalaman ang kanilang mga pinagkakilanlan?
- 30 ; Na ang masamang tawo ay natataan sa kaarawan ng kasakunaan?  
; Na sila'y pinapatnubayan sa kaarawan ng pag-iinit?
- 31 ; Sinong maghahayag ng kaniyang lakad sa kaniyang mukha?  
; At sinong magbabayad sa kaniya ng kaniyang ginawa?
- 32 Gayon ma'y siya'y dadalhin sa libingan,  
At mag-iingat ng pagbabantay sa libingan.
- 33 Ang mga bugal ng libis ay magiging matamis sa kaniya,  
At lahat ng tawo ay susunod sa kaniya,  
Gaya ng nauna sa kaniya na walang bilang.
- 34 ; Paano ngang inyong aaliwin ako ng walang kabuluhan,  
Sa bagay ay sa inyong mga sagot ang naiwan lamang ay kabulaanan?
- 22** Ng magkagayo'y sumagot si Elifaz na Temanita, at nagsabing,  
2 ; Mapapakinabangan ba ang tawo ng Dios?  
Tunay na siyang pantas ay nakikina-bang sa kaniyang sarili.
- 3 ; May kasayahan ba sa Makapangyarihan-sa-lahat na ikaw ay banal?  
; O kapakinabangan sa kaniya na iyong pinasasakdal ang iyong mga lakad?
- 4 ; Dahil ba sa iyong takot sa kaniya na kaniyang sinasaway ka,  
Na siya'y pumasok sa iyo sa kahatulan?
- 5 ; Hindi ba ang iyong kasam-an ay malaki?  
At wala mang ano mang wakas sa iyong mga kasam-an.
- 6 Sapagka't ikaw ay kumuha ng sanla ng iyong kapatid sa wala,  
At iyong hinubdan ang hubad ng kanilang suot.
- 7 Ikaw ay hindi nagbigay ng tubig sa pagod upang uminom,  
At ikaw ay nagkait ng tinapay sa gutom.
- 8 Nguni't tungkol sa makapangyarihang tawo, siya'y nagtatankilik ng lupa;  
At ang maraungal na tawo, tumatahan doon.
- 9 Iyong pinapagpaalam ang mga babayeng bao na walang dala,  
At ang mga kamay ng ulila ay nabali.
- 10 Kaya't mga silo ay nasa palibot mo,  
At ang biglang takot ay bumabagabag sa iyo,
- 11 O kadiliman, na ikaw ay hindi nakakakita,  
At kasaganaan ng mga tabig ay tumatikip sa iyo.
- 12 ; Hindi ba ang Dios ay nasa kaitaasan ng langit?  
At, narito, ang kataasan ng mga bituin; ; pagkataastaas nila!
- 13 At iyong sinasabing; ; Anong nalalaman ng Dios?  
; Makahahatol ba siya sa salisalimuot na kadiliman?
- 14 Masinsing alapaap ang tumatikip sa kaniya, na siya'y hindi nakakakita;  
At siya'y lumalagak sa bilog ng langit.
- 15 ; Iyo bang pagpapatuluyan ang dating lakad  
Na nilalakaran ng mga masamang tawo?
- 16 Na siyang mga naalis bago dumating ang kanilang kapanahunan,  
Na ang cimiento niya ay nabuhos na parang agos:
- 17 Sinong nagsabi sa Dios: Humiwalay ka sa amin;  
At ; Anong magagawa sa amin ng Makapangyarihan-sa-lahat?
- 18 Gayon ma'y pinuno niya ang kanilang mga bahay ng mga mabuting bagay:  
Nguni't ang payo ng masama ay malayo sa akin.
- 19 Nakikita ng banal, at natutua;  
At tinatawanan sila na mainam ng walang muang:
- 20 Na nagsasabing: Walang pagsalang silang nagbabangon laban sa atin ay nahawalay,  
At ang nalabi sa kanila ay sinupok ng apoy.
- 21 Makipagkilala ka sa kaniya, at ikaw ay pumayapa:  
Kaya't ang mabuti ay darating sa iyo.
- 22 Iyong tangapin, isinasamo ko sa iyo, ang kautusan sa kaniyang bibig,

- At ilagay mo ang kaniyang mga salita sa iyong puso.
- 23 Kung ikaw ay magbalik sa Makapangyarihan-sa-lahat, matatayo ka; Kung iyong alisin ang kalikuan na malayo sa iyong mga dampang.
- 24 At ilagay mo ang iyong kayamanan sa alabok,  
At ang ginto sa Ofir sa gitna ng mga bato sa mga batis;
- 25 At ang Makapangyarihan-sa-lahat ay magiging iyong kayamanan,  
At mahalagang pilak sa iyo.
- 26 Sapagka't ikaw ay magagalak ng iyong sarili sa Makapangyarihan-sa-lahat, At iyong itataas ang iyong mukha sa Dios.
- 27 Iyong gagawin ang iyong dalangin sa kaniya, at kaniyang didingin ka;  
At iyong gaganapin ang iyong mga panata.
- 28 Ikaw nama'y magpapasiya ng isang bagay, at matatag sa iyo;  
At liwanag ay sisilang sa iyong mga daan.
- 29 Pagka sila'y napapahiga, iyong sasabihing: *May pagkataas;*  
At ililigtas ng Dios ang mapagpakumbabang tawo.
- 30 Kaniyang ililigtas, yaong walang malay:  
Oo, siya'y maliligtas sa kalinisan ng iyong mga kamay.
- 23** Ng magkagayo'y sumagot si Job, at nagsabing,
- 2 Ngayo'y mapanghimagsik ang aking daing:  
Ang bugbog sa akin ay lalong mabigat kay sa aking hibik.
- 3 | Oh paanong nalaman ko kung saan nasumpungan ko siya,  
Upang ako'y dumating hangang sa kaniyang upuan!
- 4 Aking aayusin ang aking usap sa harap niya,  
At pupunuin ko ang aking bibig ng mga pangangatuiran.
- 5 Aking malalaman ang mga salita na kaniyang isasagot sa akin,  
At matatalastas ko kung ano ang kaniyang sasabihin sa akin.
- 6 | Makikipagtalo ba siya sa akin sa kalakhan ng kaniyang kapangyarihan?  
Hindi; kungdi makikinig sa akin.
- 7 Doo'y nakapangangatuiran sa kaniya ang matuid;

- Sa gayo'y maliligtas ako magpakailan man sa aking hukom.
- 8 Narito, ako'y nagpapatuloy, nguni't wala siya roon;  
At sa dakong likuran, nguni't hindi ko siya mamataan:
- 9 Sa kaliwa pagka siya'y gumagawa, nguni't hindi ko mamasdan siya:  
Siya'y nagkukubli sa kanan, na hindi ko makita siya.
- 10 Nguni't nalalaman niya ang daang aking nilalakaran;  
Pagka kaniyang nasubok ako, lalabas na parang ginto.
- 11 Ang aking paa ay sumunod na lubos sa kaniyang mga hakbang;  
Ang kaniyang daan ay aking iningatan, at hindi ako lumiko.
- 12 Ako'y hindi humiwalay sa utos ng kaniyang mga labi;  
Aking pinagยายน ang mga salita ng kaniyang bibig na higit kay sa aking kailangang pagkain.
- 13 Nguni't kung siya'y sa isang akala, si-nong makapaghihiwalay sa kaniya?  
At kung ano ang ninanasa ng kaniyang kalulua, siya nga niyang ginagawa.
- 14 Sapagka't kaniyang tinutupad ang itinakda sa akin:  
At maraming gayong mga bagay ay nasa kaniya.
- 15 Kaya't ako'y nabagabag sa kaniyang harap;  
Pagka aking binubulay ay natatakot ako sa kaniya.
- 16 Sapagka't pinapanglupaypay ng Dios ang aking puso,  
At binagabag ako ng Makapangyarihan-sa-lahat:
- 17 Sapagka't hindi ako nanlupaypay dahil sa kadiliman,  
O sa pagtatakip man ng masingsing kadiliman sa aking mukha.
- 24** | Bakit ang mga kapanahunan ay hindi itinakda ng Makapangyarihan-sa-lahat?  
| At bakit hindi nakakakita ang mga nakakaalam ng kaniyang mga araw?
- 2 May mga bumabag ng pilapil;  
Kanilang dinadalang may karahasan ang mga kawan, at mga pinasabsab.
- 3 Kanilang iniligaw ang asno ng ulila,  
Kanilang kinuha ang baka ng babayeng bao na pinakasanla.
- 4 Kanilang iniligaw sa daan ang mapagkailangan:

- Ang dukha sa lupa ay nagsisipagkubling magkakasama.
- 5** Narito, parang mga mabangis na asno sa ilang  
Sila'y lumalabas sa kanilang gawa, na humahanap na masikap ng pagkain; Ang ilang ay nagbibigay sa kanila ng pagkain para sa kanilang mga anak.
- 6** Kanilang kinikitil ang kanilang pagkain sa bukid:  
At kanilang pinanghihimalayan ang uvasan ng masama.
- 7** Sila'y nahihiga boong gabi na hubad na walang suot,  
At walang takip sa ginaw.
- 8** Sila'y basa ng ulan sa mga bundok,  
At niyakap ang bato sa pagkakailangan ng pangumot.
- 9** May mga umaagaw ng ulila mula sa suso,  
At kumukuha ng sanla ng dukha:
- 10** Na ano pa't sila'y yumayaong hubad na walang suot,  
At sa paraang gutom kanilang dinadala ang mga bigkis;
- 11** Sila'y gumagawa ng langis sa loob ng mga panig ng mga tawong ito;  
Kanilang pinipisan ang kanilang uvas, at nagtitiis ng uhaw.
- 12** Mula sa makapal na ciudad ay dumadaing ang mga tawo,  
At ang kalulua ng may sugat ay humihyaw:  
Gayon ma'y hindi inaaring mangmang ng Dios.
- 13** Ito'y sa mga nanghihimagsik laban sa liwanag;  
Hindi nila nalalaman ang mga daan niya,  
O tumatahan man sa mga landas noon.
- 14** Ang mamamatay ay bumabangon pagliwanag, pinapatay niya ang dukha at mapagkailangan;  
At sa kinagabihan ay parang magnanakaw siya.
- 15** Ang mata naman ng mangangalunya ay naghihintay ng pagtatakip-silim,  
Na sinasabing: Walang matang makakakita sa akin;  
At binabago ang kaniyang mukha.
- 16** Sa kadiliman ay humuhukay sila sa mga bahay:  
Sila'y nagsa-ara sa araw;  
Hindi nila nakikilala ang liwanag.
- 17** Sapagka't ang umaga ay sa kanilang lahat ay parang anino ng kamatayan;  
Sapagka't kanilang nalalaman ang mga
- makilabutan ng anino ng kamatayan.
- 18** Siya'y matulin sa balat ng mga tubig;  
Ang kanilang bahagi ay sinumpa sa lupa:  
Siya'y hindi babalik sa daan ng mga uvasan.
- 19** Katuyuan at kainitan ay tumutunaw ng mga niereng tubig:  
Gaya ng libingan ng mga nagkakasala.
- 20** Kalilimutan siya ng bahay-bata; kakinang matamis siya ng uod;  
Siya'y hindi na maaalala pa:  
At ang kalikuan ay mababaling parang puno ng kahoy.
- 21** Kaniyang sinasakmal ang baog na hindi nanganganak;  
At hindi gumagawa ng mabuti sa babayeng lao.
- 22** Inaagaw naman ang makapangyarihan ng kaniyang kapangyarihan:  
Siya'y bumabangon, at walang tawo na tiwasay sa buhay.
- 23** Pinagkakalooban sila ng Dios na malagay sa katiwasayan, at sila'y nagpapahinga doon;  
At ang kaniyang mga mata ay nasa kanilang mga daan.
- 24** Sila'y nataas, gayon ma'y isang sandali pa, at sila'y wala na;  
Oo, sila'y nababa, sila'y naalis sa daan na gaya ng lahat na iba,  
At mga nahiwalay na parang mga dulo ng uhay.
- 25** At kung hindi gayon ngayon, ¿sinong magpapatotoo sa aking sinungaling,  
At gagawing walang kabuluhan ang aking salita?
- 25** Ng magkagayo'y sumagot si Bildad na Suhita, at nagsabing,
- 1** Pagkasakop at katakutan ay sumasakaniya;  
Siya'y gumagawa ng kapayapaan sa kaniyang mga mataas na lugar.
- 2** ¿May ano mang bilang sa kaniyang mga kawal?  
¿At sa hindi binabangunan ng kaniyang liwanag?
- 3** ¿Paanong makapaghabanal nga ang tawo sa Dios?  
¿O paanong magiging malinis siya na ipinanganak sa babaye?
- 5** Narito, pati ng buan ay walang liwanag,  
At ang mga bituin ay hindi malinis sa kaniyang paningin:

6 | Gaano pa ngang kaliit ng tawo, na isang uod!  
| At ang anak ng tawo, na isang uod!

**26** Ng magkagayo'y sumagot si Job, at nagsabing,

2 | Paanong iyong tinulungan siya walang kapangyarihan!

| Paanong iyong iniligtas ang kamay na walang lakas!

3 | Paanong iyong pinayuhan siya na walang karunungan,  
At saganang ipinahayag mo ang mabuting kaalaman!

4 | Kanino mo sinabi ang mga salita?  
| At kanino ang espiritu na nagmula sa iyo?

5 Ang mga patay ay nanginginig  
Sa ilalim ng mga tubig, at ang mga mananahan doon.

6 Ang libingan ay hubad sa harap niya,  
At ang Abaddon ay walang takip.

7 Kaniyang iniunat ang hilagaan sa pag-itang walang laman,  
At ibinibitin ang lupa sa wala.

8 Kaniyang itinatali ang mga tubig sa kaniyang masinsing alapaap;  
At ang alapaap ay hindi nahahapak sa ilalim nila.

9 Kaniyang tinatakpan ang ibabaw ng kaniyang luklukan,  
At inilaladlad ang kaniyang mga alapaap sa ibabaw noon.

10 Siya'y gumuguhit ng isang hanganan sa balat ng mga tubig,  
Hangang sa pinagtatalakupan ng liwanag at kadiliman.

11 Ang mga haligi ng langit ay nanginginig  
At natitigilan sa kaniyang saway.

12 Kaniyang pinangingilabot ang dagat ng kaniyang kapangyarihan,  
At sa kaniyang kaalaman ay sinusugatan niya ang Rahab.

13 Sa pamamag-itan ng kaniyang espiritu ay ginayakan niya ang mga langit;  
Pinapamimilipit ng kaniyang mga kamay ang maliksing ahas.

14 Narito, ang mga ito ang mga hanganan lamang ng kaniyang mga daan:  
| At pagkarahan ng hugong na ating naririnig sa kaniya!

| Ngunit sinong makakaalam ng kulong ng kaniyang kapangyarihan?

**27** At inawit uli ni Job ang kaniyang talinhaga, at nagsabing,

2 Bulay ang Dios na nag-alis ng aking matuid;

At ang Makapangyarihan-sa-lahat na nagpapapanlaw ng aking kalulua;

3 (Sapagka't ang aking buhay ay buo pa sa akin,

At ang espiritu ng Dios ay nasa mga butas ng aking ilong;)

4 Tunay na ang aking mga labi ay hindi magsasalita ng di banal,

O ang aking dila man ay magsasaysay ng karayaan.

5 Huag itulot ng Dios na aking patotohanan kayo:

Hangang sa ako'y mamatay ay hindi ko aalisin ang aking pagtatapat sa akin.

6 Ang aking kabanalan ay aking hinhawakan, at hindi ko bibitiwan:

Hindi ako isusumbong ng aking puso habang ako'y buhay.

7 Ang aking kaaway ay maging parang masama,

At ang nagbabangon laban sa akin ay maging parang hindi banal.

8 | Sapagka't ano ang pag-asa ng di banal, bago man siya'y makikina-bang sa kaniya,

Pagka kinuha ng Dios ang kaniyang kalulua?

9 | Didingin ba ng Dios ang kaniyang hiyaw,

Pagka ang kabagabagan ay dumating sa kaniya?

10 | Makapagsasaya ba siya sa Makapangyarihan-sa-lahat,  
At tatawag sa Dios sa lahat ng panahon?

11 Aking tuturuan kayo ng tungkol sa kamay ng Dios;

Ang nasa sa Makapangyarihan-sa-lahat ay hindi ko ililihim.

12 Narito, kayong lahat ay nakakita;  
| Bakit nga kayo ay lubos na nawalan ng kabuluhan?

13 Ito ang bahagi ng masamang tawo sa Dios,

At ang mana ng mamimighati, na kanilang tinangap mula sa Makapangyarihan-sa-lahat.

14 Kung ang kaniyang mga anak ay dumami, ay para sa tabak;

At ang kaniyang usbong ay hindi mabubusog ng tinapay.

15 Yaong mga naiwan sa kaniya ay mangalilibing sa kamatayan,  
At ang kaniyang mga bao ay hindi mananaghoy.

- 16 Baga man siya'y magbunton ng pilak na parang alabok,  
At maghanda ng bihisan na parang putik;
- 17 Maihahanda niya, nguni't ang banal ang magsusuo,  
At babahagihin ng walang sala ang pilak.
- 18 Siya'y nagtatayo ng kaniyang bahay na parang bukbok,  
At parang isang bahag na ginagawa ng bantay-bukid.
- 19 Siya'y nahihigang mayaman, nguni't hindi siya pupulutin;  
Kaniyang ididilat ang kaniyang mga mata, nguni't wala siyang makikita.
- 20 Mga kakilabutan ang umaabot sa kaniya na parang mga tubig;  
Bagyo ang umaagaw sa kaniya sa kinagabihan.
- 21 Tinangay siya ng hangng silanganan, at siya'y yumayaon;  
At binubunot siya sa kaniyang lugar.
- 22 Sapagka't ibabagsak ng Dios sa kaniya ang *galit niya*, at hindi magpapatawad;  
Siya'y magpupumilit na tumakas sa kaniyang kamay.
- 23 Ipapalo ng mga tawo ang kanilang mga kamay sa kaniya,  
At susutsutan siya na *lunlayo* mula sa kaniyang lugar.
- 28 Tunay na may mina para sa pilak,  
At lugar para sa ginto na kanilang dinadalisahay.
- 2 Bakal ay nahuhukay sa lupa,  
At tanso ay nabububo sa bato.
- 3 Ang tawo'y naglalagay ng wakas sa kadiliman,  
At sumisiyasat hangang sa kalayolayo-ang hanganan  
Ang mga bato ng salimuot na kadiliman at ng anino ng kamatayan.
- 4 Siya'y nagbubukas ng hukay malayo sa tahanan ng mga tawo:  
Nilimot ng paa na *dumadaan*;  
Nagbibitin doong malayo sa mga lalaki, sila'y nagtitimbangan.
- 5 Tungkol sa lupa mula doo'y nangagaling ang tinapay:  
At sa ilalim ay pumipihit na parang sa apoy.
- 6 Ang mga bato niya ay lugar ng zafiro,  
At may alabok ng ginto.
- 7 Ang landas na yaon ay walang ibong mandadagit na nakakakilala,  
O nakita man ng mata ng falkon:
- 8 Hindi natungtungan ng mga palalong hayop,  
O naraanay man ng mabangis na leon.
- 9 Kaniyang inilalabas ang kaniyang kamay sa batong kiskisan;  
Ginugulo ang mga bundok ng mga ugat.
- 10 Siya'y gumagawa ng mga bangbang sa gitna ng mga bato;  
At ang kaniyang mata ay nakakakita ng lahat na mahalagang bagay.
- 11 Kaniyang tinatalian ang mga agos upang huag umagos;  
At ang bagay na nakukubli ay inililitaw niya sa liwanag.
- 12 Nguni't saan masusumpungan ang karunungan?  
At saan nandoon ang lugar ng kaalaman?
- 13 Hindi nakikilala ng tawo ang halaga niya;  
O nasusumpungan man sa lupain ng may buhay.
- 14 Sinasabi ng kalaliman: Wala sa akin:  
At sinasabi ng dagat: Hindi sumasaakin.
- 15 Hindi mabibili ng ginto,  
O matitimbangan man ng pilak ang halaga niya.
- 16 Hindi mahahalagahan ng ginto sa Ofir,  
Ng mahalagang onix, o ng zafiro.
- 17 Ginto at salamin hindi makakaparis niya:  
O ang kapalitan man sa kaniya ay magagawa sa mga hiyas ng dalisahay sa ginto.
- 18 Hindi mababangit ang suso o ang cristal:  
Oo, ang halaga ng karunungan ay nasa ibabaw ng mga rubi.
- 19 Ang tapacio sa Ethiopia ay hindi niya makakaparejo,  
O mahahalagahan man ng taganas na ginto.
- 20 Saan nangagaling nga ang karunungan?  
At saan nandoon ang lugar ng kaalaman?
- 21 Sa paraang nakukubli sa mga mata ng lahat na may buhay,  
At natago sa mga ibon sa himpapawid.
- 22 Sinasabi ng Kagibaan at Kamatayan, Narinig namin ang balita niya ng aming mga paking.
- 23 Nalalaman ng Dios ang lakad niya,  
At nalalaman ang lugar noon.

- 24 Sapagka't tumitingin hangang sa wakas ng lupa,  
At nakikita ang ilalim ng boong langit;
- 25 Upang gumawa ng timbangan para sa hangin;  
Oo, tinatasahan ang mga tubig ng takal.
- 26 Ng siya'y gumawa ng pasiya para sa ulan,  
At ng daan para sa kidlat ng kulog;
- 27 Ng magkagayo'y nakita niya, at inihahayag;  
Kaniyang itinatag, oo, at siniyasat.
- 28 At sa tawo'y sinabi niyang,  
Narito, ang pagkatakot sa Dios ay siyang karunungan;  
At ang paghiwalay sa kasaman ay kaalaman.
- 29 At muling inawit ni Job ang kaniyang talinhaga, at nagsabing,  
2 | O parang ako'y nasa mga buan ng una,  
Gaya sa mga kaarawan ng binabantayan ako ng Dios;
- 3 Ng ang kaniyang ilaw ay sumisilang sa aking ulo,  
At sa pamamag-itan ng kaniyang liwanag ay lumalakad ako sa kadiliman;
- 4 Na parang ako'y nasa kabutihan ng aking mga kaarawan,  
Ng ang lihim ng Dios ay nasa aking dampa;
- 5 Ng ang Makapangyarihan-sa-lahat ay nasa kasamahan ko pa,  
At ang aking mga anak ay nasa palibot ko;
- 6 Ng ang aking mga hakbang ay napaliliguan ng gatas,  
At ang bato ay nagbubuhos sa akin ng mga ilog ng langis!
- 7 Ng ako'y lumalabas sa pintuang-daan sa ciudad,  
Ng aking inihahanda ang aking upuan sa langangan,
- 8 Nakita ako ng mga binata, at nagsipagkubli,  
At ang mga matanda ay bumangon at tumayo;
- 9 Ang mga pangulo ay tumigil ng pag-uusap,  
At inilagay ang kanilang kamay sa kanilang bibig;
- 10 Ang voces ng mga maginoo ay tumatahimik,

- At ang kanilang dila ay dumidikit sa ngalangala ng kanilang bibig.
- 11 Sapagka't ng naririnig ko ng pakinig, pinagpapala nga ako;  
At pagka nakikita ako ng mata, sumasaksi sa akin:
- 12 Sapagka't aking iniligtas ang dukha na dumadaing,  
Ang ulila naman na walang tumulong sa kaniya.
- 13 Ang basbas noon na madaling mamamatay ay dumating sa akin:  
At aking pinaawit sa kagalakan ang puso ng babayeng bao.
- 14 Ako'y nagbibihis ng kabanalan, at sinusuotan niya ako:  
Ang aking kabanalan ay parang isang balabal at isang turbante.
- 15 Ako'y mga mata sa bulag,  
At mga paa ako sa pilay.
- 16 Ako'y ama sa mapagkailangan:  
At ang usap niya na hindi ako nakikilala ay aking sinisiyasat.
- 17 At aking binali ang mga pangil ng dibanal,  
At inagaw ko ang huli sa kaniyang mga ngipin.
- 18 Ng magkagayo'y sinabi kong: Mamamatay ako sa aking pugad,  
At aking pararamihin ang aking mga araw na parang buhangin:
- 19 Ang aking ugat ay nakalat sa mga tubig,  
At ang hamog ay lumalapag boong gabi sa aking sanga:
- 20 Ang aking kalualhatian ay sariwa sa akin,  
At ang aking bosog ay nababago sa aking kamay.
- 21 Sa akin ay nakikinig ang mga tawo,  
at naghibintay,  
At tumatahimik sa aking payo.
- 22 Pagkatapos ng aking mga salita ay hindi na sila nagsalita uli;  
At ang aking salita ay tumutulo sa kanila.
- 23 At kanilang hinihintay ako, na gaya ng paghibintay sa ulan;  
At kanilang ibinibuka ang kanilang bibig na maluang para sa huling ulan.
- 24 Kung tinatawanan ko sila, sila'y hindi naniniwala;  
At ang liwanag ng aking mukha ay hindi nila niwawalang kabuluhan.
- 25 Ako'y pumipili ng kanilang daan, at nauupong puno,

At tumatahang parang hari sa kawal,  
Parang nang-aaliw sa mananangis.

- 30** Nguni't n̄ayo'y silang bata kay sa  
akin ay tumatawa sa akin,  
Na ang mga ama ay aking inilayo na  
ilagay na kasama n̄ mga aso n̄  
aking kawan.
- 2** Oo, ang kalakasan n̄ kanilang kamay,  
; sa ano ko mapapakinabangan?  
Mga tawong kinamatayan n̄ pag-  
tanda.
- 3** Sila'y lata sa pangangailangan at gu-  
tom;  
Kanilang n̄inaugata ang tuyong lupa,  
sa kadiliman n̄ kasiraan at kagiba-  
an.
- 4** Sila'y bumubunot n̄ mga barrilla sa  
tabi n̄ mga punong kahoy;  
At ang mga ugat n̄ retama ay siyang  
kanilang pagkain.
- 5** Sila'y pinalayas mula sa gitna n̄ mga  
tawo;  
Sila'y sumisigaw sa likuran nila, na  
parang sa likuran n̄ isang magna-  
nakaw.
- 6** Sa mga yungib n̄ mga libis, marapat  
silang tumahan,  
Sa mga puang n̄ lupa, at n̄ mga  
bato.
- 7** Sa gitna n̄ mga punong kahoy ay  
mga umuungal;  
Sa lalim n̄ mga tinikan ay nangapi-  
pisan.
- 8** Mga anak n̄ mga mangmang, oo, mga  
ataak n̄ mga walang puring tawo;  
Mga itinapon mula sa lupain.
- 9** At ngayon ay naging awit nila ako,  
Oo, ako'y kasabihan sa kanila.
- 10** Kanilang kinapopootan ako, nilalay-  
an nila ako,  
At hindi nila binabayaan ang paglura  
sa aking mukha.
- 11** Sapagka't kinalag niya ang aking pa-  
nali, at pinighati ako,  
At kanilang inihagis ang paningkaw  
sa harap ko.
- 12** Sa aking kanan ay bumabangon ang  
karaniwan sa bayan;  
Itinutalak ang aking mga paa,  
At kanilang pinapatag laban sa akin  
ang kanilang mga daan n̄ kagi-  
baan.
- 13** Kanilang binabagtasang ang aking lan-  
das,  
Kanilang ipinagpapatuloy ang aking  
kapahamakan,  
Mga tawong walang tumulong.

- 14** Parang nanasok sa isang malaking sira  
dumarating sila:  
Sa gitna n̄ kasiraan ay nagsisigulong  
sila.
- 15** Mga kakilabutan ay dumadagan sa  
akin,  
Kanilang hinahabol ang aking kara-  
ngalan na parang hangin;  
At ang aking kaginhawahan ay duma-  
raang parang alapaap.
- 16** At gayon ay nabubuhos ang aking ka-  
lulua sa loob ko;  
Mga araw n̄ pagkapighati ay huma-  
wak sa akin.
- 17** Sa kinagabiha'y ang aking mga buto  
ay nag-aantakan sa akin,  
At ang mga sakit na ngumaugatang sa  
akin ay hindi nagpapahinga.
- 18** Sa matinding karahasan n̄ aking sakit  
ay nawalan n̄ hichura ang aking  
suot:  
Tumatali sa akin sa palibot na parang  
cuello n̄ aking bihisnan.
- 19** Inihahagis niya ako sa lumbak,  
At ako'y naging parang alabok at mga  
abo.
- 20** Ako'y dumadaing sa iyo, at hindi ka  
sumasagot sa akin:  
Ako'y tumatayo, at ikaw ay tumiti-  
ngin sa akin.
- 21** Ikaw ay naging mabagsik sa akin:  
Sa pamamag-itan n̄ kapangyarihan  
n̄ iyong kamay ay hinahabol mo  
ako.
- 22** Itinataas mo ako sa hangin, pirasasa-  
kay mo ako sa kaniya;  
At tinutunaw mo ako sa bagyo.
- 23** Sapagka't talastas ko na iyong dadal-  
hin ako sa kamatayan,  
At sa bahay na takda para sa labat na  
may buhay.
- 24** Tunay na sa isang sirang bunton ay  
hindi niya ilalabas ang kaniyang  
kamay;  
Baga man sa kaniyang paggiba ay ma-  
papakinabangan hangang tulong dal-  
hin sa mga bagay na ito.
- 25** ; Hindi ko ba iniyakan siya na nasa  
kabagabagan?  
; Hindi ba ang aking kalulua ay na-  
mamanlaw sa mapagkailangan?
- 26** Pagka ako'y humahanap n̄ mabuti  
ang kasam-an nga ang dumarating;  
At pagka ako'y naghihintay n̄ liwa-  
nag ay kadiliman ang dumara-  
ting.
- 27** Ang aking tiyan ay umuusog at hindi  
nagpapahinga;



- Mga araw ng pagkapighati ay dumating sa akin.
- 28 Ako'y yumayaong tumatangis na walang araw:  
Ako'y tumatayo sa kapisanan at humihingit tulong.
- 29 Ako'y kapatid ng mga chakal,  
At mga kasama ng mga avestruz.
- 30 Ang aking balat ay maitim, at *nahu-hulog* sa akin,  
At ang aking mga buto ay nasusunog ng init.
- 31 Kaya't ang aking alpa ay *naging* panangis,  
At ang aking flauta ay naging voces ng umiiyak.
- 31 Ako'y gumagawa ng tipan sa aking mga mata;  
¿Paano nga akong titingin sa isang dalaga?
- 2 ¿Sapagka't ano ang bahagi ng Dios mula sa itaas,  
At ang mana ng Makapangyarihan-salahat mula sa kaitaasan?
- 3 ¿Hindi ba kasakunaan sa di banal,  
At kasawiang palad sa mga mangagawa ng kasam-an?
- 4 ¿Hindi ba niya nakikita ang aking mga lakad,  
At binibilang ang aking boong hakbang?
- 5 Kung ako'y lumakad ng walang kabuluhan,  
At aking paa ay nagmadali sa pagdaraya;
- 6 (Timbangin ako sa matuid na timbangan,  
Upang makilala ng Dios ang aking pagtatapat;)
- 7 Kung ang aking hakbang ay lumiko sa daan,  
At ang aking puso ay lumakad ayon sa aking mga mata,  
At kung ang ano mang dungis ay kumapit sa aking mga kamay:
- 8 Kung gayo'y papaghasikin mo ako, at kanin ng iba;  
Oo, bunutin ang bunga ng aking bukid.
- 9 Kung ang aking puso ay napadahas sa babaye,  
At ako'y bumakay sa pintuan ng aking kapua:
- 10 Kung magtagayo'y gilingin ng iba ang aking asawa,  
At iba ang yumuko sa kaniya.
- 11 Sapagka't iya'y isang mabigat na sala;
- Oo, isang kasam-an na parurusahan ng mga hukom:
- 12 Sapagka't isang apoy na tumutunaw hangang sa Kagibaan,  
At bubunutin ang lahat na aking bunga.
- 13 Kung niwalan kong kabuluhan ang matuid ng aking aliping lalaki o babaye,  
Ng sila'y makipagtalos sa akin:
- 14 ¿Ano nga ang aking gagawin pagka-ibinabangon ng Dios?  
At pagka kaniyang dinadalaw, ¿anong isasagot sa kaniya?
- 15 ¿Hindi ba siya ang lumalang sa akin sa bahay-bata na nilalang niya?  
¿At hindi ba kami hinichurahan ng isa sa bahay-bata?
- 16 Kung pinagkaitan ko ang dukha sa *kaniilang* nasa,  
O pinangalumata ko ang mga mata ng babayeng bao:
- 17 O kumain akong mag-isa ng aking subo,  
At ang ulila ay hindi kumain noon;
- 18 (Hindi, mula sa aking kabataan ay tumubong kasama ko, na parang kasama ng ama,  
At aking pinatnubayan siya mula sa bahay-bata ng aking ina;)
- 19 Kung ako'y nakakita ng sino man pangangailangan ng kasuotan,  
O ng mapagkailangan na walang balabal;
- 20 Kung ang kaniyang mga balakang ay hindi nagpapala sa akin,  
At kung siya'y hindi nainitan ng balat ng aking tupa;
- 21 Kung binuhat ang aking kamay laban sa ulila,  
Sapagka't nakita ko ang tulong sa akin sa pintuang-daan:
- 22 Kung magtagayo'y malaglag ang aking balikat sa batok,  
At ang aking kamay ay mabali sa buto.
- 23 Sapagka't ang kasakunaan mula sa Dios ay kakilabutan sa akin,  
At dahil sa kaniyang karangalan ay hindi ako makagawa ng ano man.
- 24 Kung ginawa kong ginto ang aking pag-asa,  
At sinabi ko sa dalisay na ginto: *Itaw ay aking pag-asa;*
- 25 Kung ako'y nagalak sapagka't ang aking kayamanan ay malaki,  
At sapagka't ang aking kamay ay nagtamo ng marami;

- 26 Kung ako'y tumingin sa araw pagka sumisikat,  
O sa buan na lumalakad sa kakinangan;  
27 At ang aking puso ay napadahas na lihir,  
At hinagkan ng aking bibig ang aking kamay;  
28 Ito nama'y isang kasam-ang marapat parusahan ng mga hukom:  
Sapagka't ako'y tumalikod sa Dios na nasa itaas.  
29 Kung ako'y nagalak sa kagibaan niya na napopoot sa akin,  
O nagmataas ako ng masumpungan siya ng kasam-an;  
30 (Oo, hindi ko tiniis ang aking bibig sa kasalanan  
Sa paghingì ng sumpa sa kaniyang buhay;)  
31 Kung ang mga tawo ng aking dampa ay hindi nagsabing  
¿Sinong makakasumpung ng isa na hindi nabusog sa kaniyang laman?  
32 Ang taga ibang lupa ay hindi tumigil sa langganan;  
Kungdi aking ibinukas ang aking mga pinto sa manglalakbay;  
33 Kung aking tinakpan na gaya ni Adam ang aking pagsalangsang,  
Sa pagkukubli ng aking kasam-an sa aking sinapupunan;  
34 Sapagka't aking kinatakutan ang malaking karamihan,  
At pinangilabot ako ng pagwawalang kabuluhan sa mga kamag-anakan,  
Na ano pa't ako'y tumahimik, at hindi lumabas sa pintuan—  
35 | O kung may didinig sa akin!  
(Narito ang aking takda, sagutin ako ng Makapangyarihang-sa-lahat;)  
| At nagkaroon ng sumbong na sinulat ng aking kaaway!  
36 Tunay na aking papasanin sa aking balikat;  
Aking itatali sa akin na parang isang korona.  
37 Aking ilahayag sa kaniya ang bilang ng aking mga hakbang;  
Parang isang pangulo na lalapit ako sa kaniya.  
38 Kung ang aking lupain ay humiyaw laban sa akin,  
At ang mga bungkal niya ay umiyak na magkakasama;  
39 Kung kumain ako ng bunga niya na walang bayad,  
O ipinahamak ko ang buhay ng mga may ari sa kaniya:
- 40 Tubuan ng dawag sa lugar ng trigo,  
At mga tinik sa lugar ng cebada.  
Ang mga salita ni Job ay natapos.
- 32** Sa gayo'y ang tatlong lalaking ito ay tumigil ng pagsagot kay Job, sapagka't siya'y banal sa kaniyang saringling mga mata. 2 Ng magkagayo'y nag-alab ang pag-iinit ni Eliu, na anak ni Barakel na Buzita, sa kamag-anakan ni Ram: laban kay Job ay nag-alab ang kaniyang pag-iinit, sapagka't siya'y nag-papakabanal na mainam kay sa Dios. 3 Laban naman sa kaniyang tatlong kaibigan ay nag-alab ang kaniyang pag-iinit, sapagka't sila'y hindi nakasumpung ng sagot, at gayon na'y hinatulan si Job. 4 Si Eliu nga ay naghintay upang magsalita kay Job, sapagka't sila'y matanda kay sa kaniya. 5 At ng makita ni Eliu na walang kasagutan sa bibig ng tatlong lalaking ito, ang kaniyang pag-iinit ay nag-alab.  
6 At si Eliu na anak ni Barakel na Buzita ay sumagot, at nagsabing,  
Ako'y bata, at kayo'y mga totoong matanda;  
Kaya't ako'y tumahimik at hindi ko ipinakilala sa inyo ang aking haka.  
7 Aking sinabing, Ang mga araw ang marapat magsalita,  
At ang karamihan ng mga taon ay marapat magturo ng karunungan.  
8 Nguni't may espiritu sa tawo,  
At ang hinga ng Makapangyarihang-sa-lahat ay nagbibigay sa kanila ng kaalaman.  
9 Hindi ang malaki ang siyang pantas,  
O ang matanda man ang siyang naka-kaalam ng kahatulan.  
10 Kaya't aking sinabing: Dingin niyo ako;  
Akin namang ipakikilala ang aking haka.  
11 Narito, aking hinintay ang inyong mga salita,  
Aking dininig ang inyong mga kautuiran,  
Samantalang kayo'y nag-iisip ng masasabi.  
12 Oo, aking dinidinig kayo,  
At, narito, walang isang makahikayat kay Job,  
O may makasagot ng kaniyang mga salita sa inyo.  
13 Magbawa nga kayong magsabing,

- Kami ay nakasumpong ng karunungan;  
Madadaig ng Dios siya, hindi ng tawo:
- 14 Sapagka't hindi itinukoy ang kaniyang mga salita laban sa akin;  
At hindi sasagutin ko man siya ng inyong mga salita.
- 15 Sila'y nangalito, sila'y hindi na sumagot pa:  
Sila'y walang salitang masabi.
- 16 ¿At ako ba'y maghihintay, sapagka't sila'y hindi nagsasalita, Sapagka't sila'y nangakatigil, at hindi na sumasagot?
- 17 Ako nama'y sasagot ng aking bahagi, Akin namang ipakikilala ang aking haka.
- 18 Sapagka't ako'y puno ng mga salita; Ang espiritu na nasa loob ko ay pumipigipit sa akin.
- 19 Narito, ang aking tiyan ay parang alak na walang hingahan;  
Gaya ng mga bagong sisidlang balat na handa sa pagkahapak.
- 20 Ako'y magsasalita, upang ako'y maginhawahan:  
Aking ibubuka ang aking mga labi at sasagot ako.
- 21 Huag kong iginalang, isinasamo ko sa iyo, ang ano mang mukha ng tawo;  
O gumamit man sa kanino man ng mga wikawikang salita.
- 22 Sapagka't hindi ako marunong gumamit ng mga wikawikang salita;  
Sa ibang paraan ay madaling aalisin ako ng May-lalang sa akin.
- 33** Gayon man, Job, isinasamo ko sa iyo, dingin mo ang aking katuiran,  
At pakingan mo ang labat ng aking salita.
- 2 Narito ngayon, aking ibinuka ang aking bibig,  
Sinalita ng aking dila sa aking bibig.
- 3 *Sasaysayin* ng aking mga salita ang kabanalan ng aking puso:  
At ang nalalaman ng aking mga labi ay sasalitain nilang may katuwayan.
- 4 Nilalang ako ng espiritu ng Dios,  
At binibigyan ako ng buhay ng hinga ng Makapangyarihan-sa-lahat.
- 5 Kung ikaw ay maaari ay sumagot ka sa akin;  
Italatag mo ang *inyong mga salita* sa harap ko, tumayo ka.
- 6 Narito, ako'y sa Dios gaya mo:  
Ako nama'y nilalang sa putik *din*.
- 7 Narito, hindi ka tatakutin ng aking kakilabutan,  
O ang aking kalakhan man ay magiging mabigat sa iyo.
- 8 Tunay na ikaw ay nagsalita sa aking pakinig,  
At akin narinig ang voces ng *inyong mga salita, na nagsabing,*
- 9 Ako'y malinis na walang pagsalangsang;  
Ako'y walang sala, o may kasaman man sa akin:
- 10 Narito, siya'y nakasumpong ng kadahilanan laban sa akin,  
Ibinilang niya ako na pinakakaaway:
- 11 Inilagay niya ang aking mga paa sa mga pangawan,  
Kaniyang iginuguhit ang labat na aking landas.
- 12 Narito, ako'y sasagot sa iyo, dito'y hindi ka banal;  
Sapagka't ang Dios ay malaki kay sa tawo.
- 13 ¿Bakit ikaw ay nakikipagtalo sa kaniya?  
Sapagka't hindi siya nagbibigay alam ng ano man sa kaniyang mga usap.
- 14 Sapagka't ang Dios ay nagsalitang minsan,  
Oo, makalawa, *baga man*, hindi pinakukundanganan ng tawo.
- 15 Sa isang panaginip, sa isang malikmata sa gabi,  
Pagka ang mahimbing na pagkakatulog ay nahuhulog sa mga tawo,  
Sa mga pagkakatulog sa hihigan;
- 16 Ng magkagayo'y ibinukas niya ang mga pakinig ng mga tawo,  
At ginaganap ang kaniyang pagtuturo,
- 17 Upang ihiwalay ang tawo sa kaniyang akala,  
At ikinubli ang kapalaluan ng tawo;
- 18 Kaniyang pinipigil ang kaniyang kalulua sa *pagpasok* sa hukay,  
At ang kaniyang buhay sa pagkamatay sa pamamagitan ng tabak.
- 19 Siya nama'y nasaway na may sakit sa kaniyang hihigan,  
At may palaging antak sa kaniyang mga buto:
- 20 Na ano pa't kinapepootan ng kaniyang buhay ang tinapay,  
At ang pagkaing pinakamasarap ay ng kaniyang kalulua.
- 21 Ang kaniyang laman ay natutunaw, na hindi makita;  
At ang kaniyang mga buto na hindi makita ay nalilitaw.

- 22 Oo, ang kaniyang kalulua ay lumalapit sa hukay,  
At ang kaniyang buhay ay sa mga mangigiba.
- 23 Kung dorooong kasama niya ang isang angel,  
Isang tagapagpaaninaw, na isa sa gitua ng isang libo,  
Upang ipakillala sa tawo kung ano ang matuid sa kaniya;
- 24 Ng magkagayo'y siya'y nahabag sa kaniya, at nagsasabing,  
Iligtas mo siya sa pagbaba sa hukay, Ako'y nakasumpong ng katubusan.
- 25 Ang kaniyang laman ay magiging sariwa kay sa isang bata;  
Siya'y nagbabalik sa mga kaarawan ng kaniyang kabataan:
- 26 Siya'y dumadalangin sa Dios, at siya'y mabuti sa kaniya:  
Na ano pa't kaniyang nakikita ang kaniyang mukha na may kagalakan:  
At kaniyang inimbak sa tawo ang kaniyang kabanalan.
- 27 Siya't unnaawit sa harap ng mga tawo, at nagsasabing,  
Ako'y nagkasala, at sumira ng matuid, At hindi napakinabangan sa akin:
- 28 Kaniyang tinubos ang aking kalulua sa pagpasok sa hukay,  
At ang aking buhay ay titingin ng liwanag.
- 29 Narito, ang labat na mga bagay na ito ay ginagawa ng Dios,  
Makalawa, oo, makaitlo sa tawo,
- 30 Upang ibalik ang kaniyang kalulua mula sa hukay,  
Upang siya'y maliwanagan ng liwanag ng may buhay.
- 31 Iguhit mong mabuti, Oh Job, dingin mo ako:  
Tumahimik ka, at ako'y magsasalita.
- 32 Kung ikaw ay may ano mang bagay na sasabihin, sagutin mo ako:  
Ikaw ay magsalita, sapagka't ibig kong patotohanan kita.
- 33 Kung hindi, dingin mo ako:  
Tumahimik ka, at tuturnan kita ng karunungan.
- 34 Bukod dito'y nag-salita si Eliu, at nagsabing,  
2 Dingin ninyo ang aking mga salita, kayong mga pantas;  
At pakingan ninyo ako, kayong may kaalaman.
- 3 Sapagka't ang pakinig ay tumitikim ng mga salita,
- Gaya ng n'galingala na lumalasa ng pagkain.
- 4 Ating piliin para sa atin ang matuid:  
Ating maalaman sa gitna natin kung ano ang mabuti.
- 5 Sapagka't sinabi ni Job, Ako'y banal,  
At inalis ng Dios ang aking matuid:
- 6 Gayon ma'y akong may matuid ay nabilang akong sinungaling;  
Ang aking sugat ay walang kagamutan, *bagaman* ako'y walang pagsalangsang.
- 7 Sinong tawo ang gaya ni Job,  
Na siyang umiinom ng pagkaduahagi na parang tubig?
- 8 Na yumayaon na kasama ng mga magagawa ng kasam-an,  
At lumalad na kasama ng mga masamang tawo.
- 9 Sapagka't kaniyang sinabing: Walang ikinapapakinabang ang tawo  
Na siya'y makapagpalugod sa Dios.
- 10 Kaya't dingin ninyo ako, ninyong mga lalaking may kaalaman:  
Malayo sa Dios na siya'y gumawa ng masama;  
At sa Makapangyarihan-sa-lahat, na siya'y magkamit ng kasam-an.
- 11 Sapagka't ang gawa ng tawo ay baba-yanan niya sa kaniya,  
At ipasusumpong sa bawa't tawo ang ayon sa kaniyang mga lakad.
- 12 Oo, sa katotohanan, ang Dios ay hindi gagawa ng kasam-an,  
O ang Makapangyarihan-sa-lahat man ay sira ng kahatulan.
- 13 Sinong nagbigay sa kaniya ng bilin sa lupa?  
O sinong naghabilin ng boong sanglibutan?
- 14 Kung kaniyang ilagak ang kaniyang puso sa tawo,  
Kung kaniyang pisanin sa kaniyang sarili ang kaniyang espiritu at ang kaniyang hinga;
- 15 Lahat ng laman ay mamamatay na magkakasama,  
At ang tawo ay mababalik uli sa alabok.
- 16 Kung ngayon ay mairoon kang kaalaman ay dingin mo ito:  
Dingin mo ang voces ng aking mga salita.
- 17 Sinong pupuno ba ang napopoot sa matuid?  
At iyo bang parurusahan siya na banal at makapangyarihan?

- 18 *Marapat* bang sabihin sa isang hari,  
Ikaw ay karumaldumal?  
O sa mga mahal, *Kayo'y* masama?
- 19 *Gaano pa n'gang* kailit doon sa hindi  
gumagalang ng mga pagkatawo ng  
mga pangulo,  
O nagpilitagan sa mayaman kay sa  
mahirap?  
Sapagka't silang lahat ay gawa ng ka-  
niyang mga kamay.
- 20 Sa isang sandali ay namamatay sila, sa  
hating gabi;  
Ang bayan ay kinikilos at dumudaan,  
At inaalís ang makapangyarihan na  
walang kamay.
- 21 Sapagka't ang kaniyang mga mata ay  
nasa mga daan ng tawo,  
At nakikita niya ang lahat niyang  
lakad.
- 22 Walang kadiliman, o lilim man ng  
kamatayan,  
Na katatagan ng mga mangagawa ng  
kasam-an.
- 23 Sapagka't hindi na niya pakukunda-  
nganan ang tawo,  
Upang siya'y pumaroon sa harap ng  
Dios sa kahatulan.
- 24 Kaniyang pinagpipirapiraso ang mga  
makapangyarihang tawo na walang  
hanap,  
At naglalagay ng mga iba na kahalili  
nila.
- 25 Kaya't siya'y kumukuhang kaalaman  
sa kanilang mga gawa;  
At kaniyang ibinabaligtad sila sa ki-  
nagabihan, na ano pa't sila'y nagig-  
giba.
- 26 Kaniyang mga pinipilantik na parang  
mga masamang tawo  
Sa hayag na paningin ng mga iba;  
27 Sapagka't sila'y lumiko ng pagsunod  
sa kaniya,  
At hindi binulay ang ano man sa kani-  
yang mga lakad:
- 28 Na ano pa't kaniyang pinadating ang  
pagdaing ng dukha sa kaniya,  
At dininig niya ang daing ng napipig-  
hati.
- 29 Pagka siya'y nagbibigay ng katahimi-  
kan, ¿sino n'gang makahahatol?  
At pagka kaniyang ikinukubli ang ka-  
niyang mukha, ¿sinong makakakita  
sa kaniya?  
Maging *gawin* sa isang nasyon, o sa  
isang tawo:
- 30 Upang ang mga tawong di banal ay  
huag maghari,  
Upang huag maging silo sa bayan.
- 31 ¿Sapagka't may nagsabi ba sa Dios,  
Aking tinitii ang *parusa*, hindi na  
ako magkakasala pa:
- 32 Yaong hindi mo nakikita ay ituro mo  
sa akin:  
Kung ako'y gumawa ng kasam-an  
hindi na ako gagawa pa?
- 33 ¿Mangyayari pa ba ang kaniyang ka-  
gantihan na gaya ng iyong ibig, na  
iyong tinangihan?  
Sapagka't ikaw ay marapat pumili, at  
hindi ako;  
Kaya't salitain mo kung ano ang iyong  
nalalaman.
- 34 Mga lalaking may kaalaman ay mag-  
sasabi sa aking,  
Oo, bawa't pantas na nakakarinig sa  
akin:
- 35 Si Job ay nagsasalita ng walang kaala-  
man,  
At ang kaniyang salita ay walang ka-  
runungan.
- 36 Si Job nama'y subukin hangang sa  
wakas,  
Dahil sa kaniyang sagot ay parang  
mga masamang tawo.
- 37 Sapagka't siya'y nagdadagdag ng pang-  
hihimagsik sa kaniyang kasalanan,  
Kaniyang ipinapalo ang kaniyang mga  
kamay sa gitna natin,  
At pinararami ang kaniyang mga sa-  
lita laban sa Dios.
- 35** Bukod dito'y sumagot si Eliu, at  
nagsabing,  
2 ¿Inisip mo bang ito'y matuid?  
¿Na iyong sinabing, Ang aking ka-  
banalan ay higit kay sa Dios,  
3 Na iyong sinabing, Anong pakina-  
bang ang tatamuhin mo?  
At, ¿anong pakinabang magkakaroon  
ako kung ako'y nagkasala?  
4 Ako'y sasagot sa iyo,  
At sa iyong mga kasama na kasama  
mo.  
5 Tumingin ka sa mga langit, at iyong  
tingnan;  
At masdan mo ang mga alapaap na  
lalong mataas kay sa iyo.  
6 Kung ikaw ay magkaksala, ¿anong  
iyong ginagawa laban sa kaniya?  
At kung ang iyong mga pagsalangeang  
ay dumami, ¿anong iyong ginagawa  
sa kaniya?  
7 Kung ikaw ay banal, ¿anong ibinibigay  
mo sa kaniya?  
¿O anong tinatangap niya sa iyong  
kamay?

- 8 Ang iyong kasam-an ay makapapalatak sa isang lalaking gaya mo ;  
At ang iyong kabanalan ay makapapakinabang sa anak ng tawo.
- 9 Dahil sa karamihan ng mga kapighatian, sila'y humihiyaw :  
Sila'y humihiyaw ng tulong dahil sa kamay ng makapangyarihan.
- 10 Nguni't walang nagsasabing, : Saan nandoon ang Dios na May-lalang sa akin,  
Na siyang nagbibigay ng mga awit sa gabi ;
- 11 Na siyang nagtuturo sa atin ng higit kay sa mga hayop sa lupa,  
At ginagawa tayong lalong pantas kay sa mga ibon sa himpapawid ?
- 12 Doo'y humihiyaw sila, nguni't walang sumasagot,  
Dahil sa kapalaluan ng mga masamang tawo.
- 13 Tunay na hindi didinig ang Dios ng walang kabuluhan,  
O pakikialaman man ng Makapangyarihan-sa-lahat.
- 14 ; Gaano pang kaliit pagka iyong sinasabing hindi mo makikita siya,  
Ang usap ay nasa harap niya ; at iyong hinihintay siya !
- 15 Nguni't ngayon, sapagka't hindi kaniyang dinalaw sa kaniyang galit,  
O nagmamasid na mainam sa kahambugan ;
- 16 Kaya't ibinubuka ni Job ang kaniyang bibig sa walang kabuluhan ;  
Siya'y nagpaparami ng mga salita na walang kaalaman.
- 36 Si Eliu naman ay unaulit, at nag-sabing,  
2 Tiisin mo akong sandali, at aking ipakikilala sa iyo ;  
Sapagka't mairoon pa akong masasalita sa pagsasangalang sa Dios.
- 3 Dadalhin ko ang aking kaalaman mula sa malayo,  
At aking itutukoy ang kabanalan sa May-lalang sa akin.
- 4 Sapagka't tunay na ang aking mga salita ay hindi kabulaanan :  
Siyang sakdal sa kaalaman ay sumasaiyo.
- 5 Narito, ang Dios, ay makapangyarihan, at hindi nagwawalang kabuluhan sa kanino man ;  
Siya'y makapangyarihan sa lakas ng kaalaman.
- 6 Hindi niya inaalalayan ang buhay ng masama :  
Nguni't nagbibigay ng matuid sa napipighati.
- 7 Hindi niya inihihiwalay ang kaniyang mga mata sa banal :  
Kungdi kasama ng mga hari sa luklukan  
Kaniyang itinatatag sila magpakailanman, at sila'y natataas.
- 8 At kung sila'y matatalian sa pangaw,  
At mapipigil sa mga panaling pagkapihati ;
- 9 Ng magkagayo'y itinuro niya sa kanila ang kanilang gawa,  
At ang kanilang mga pagsalangsang na kanilang pinalalo.
- 10 Ibinubuka naman niya ang kanilang pakinig sa pagtuturo,  
At nag-utos na sila'y humiwalay sa kasaman-an.
- 11 Kung sila'y makinig at maglingkod sa kaniya,  
Kanilang gugugulin ang kanilang mga araw sa kaginhawahan,  
At ang kanilang mga taon sa kasayahan.
- 12 Nguni't kung hindi sila makinig, sila'y mamamatay sa pamamagitan ng tabak,  
At sila'y mamamatay na walang kaalaman.
- 13 Nguni't ang di banal sa puso ay nagbubunton ng pag-iinit :  
Hindi humihiyaw sila ng tulong pagka tinatalian niya sila.
- 14 Sila'y namamatay sa kabataan,  
At ang kanilang buhay ay napahamak sa gitna ng marumi.
- 15 Inihiligtas niya ang dukha sa kaniyang pagkapihati,  
At ibinubukas ang kanilang mga pakinig sa pagkapihati.
- 16 Binago naman sana niya ikaw mula sa kagipitan  
Hangang sa lual na lugar doon sa walang kagipitan ;  
At ang iyong dulang ay nalapagan sana ng puno ng taba.
- 17 Nguni't iyong tintutupad ang kahatulan ng masama :  
Kahatulan at kabanalan ay humahawak sa iyo.
- 18 Sapagka't may pag-iinit, mag-ingat ka laka ikaw ay iligaw ng iyong kahambugan ;  
• At hindi mailigaw ka ng malaking katubusan.

- 19 Magiging sukot ba ang iyong kayamanan na ikaw ay hindi malalagay sa kapanlawan,  
O ang boong lakas man ng iyong kalakasan?
- 20 Huag mong nasain ang gabi, Pagka ang bayan ay nahihalay sa kanilang lugar.
- 21 Ikaw ay mag-ingat, huag mong lingunin ang kasam-an:  
Sapagka't ito'y iyong piniling mahusay kay sa pagkapighati.
- 22 Narito, ang Dios ay gumagawa na mainam sa kaniyang kapangyarihan:  
Sinong nagtuturong gaya niya?
- 23 Sinong nagturo sa kaniya ng kaniyang daan?  
O sinong makapagsasabing: Ikaw ay gumawa ng di matuid?
- 24 Alalahanin mo na iyong dinakila ang kaniyang gawa,  
Na inawit ng mga tawo.
- 25 Bawa't tawo'y makakakita;  
Makikita ng tawo sa malayo.
- 26 Narito, ang Dios ay dakila, at hindi natin nakikilala siya;  
Hindi masisiyasat ang bilang ng kaniyang mga taon.
- 27 Sapagka't pinailanglang niya ang patak ng tubig,  
Na ibinubuhos ang ulan ayon sa sinagaw na tubig noon:
- 28 Na ang mga ulap ay lumalagap  
At nalalaglag na sagana sa tawo.
- 29 May makakaalam ba ng pagkalat ng mga alapaap,  
O ng voces ng kaniyang tahanan?
- 30 Narito, ikinakalat niya ang kaniyang liwanag doon;  
At tinatakpan ang pusod ng dagat.
- 31 Sapagka't sa pamamag-itan ng mga yaon ay hinahatulan niya ang mga bayan;  
Siya'y nagbibigay ng pagkain sa sagana.
- 32 Ng kidlat ay tinatakpan niya ang kaniyang mga kamay;  
At ibinilin sa kidlat na dumikit sa pinakatanda.
- 33 Ang ingay noon ay nagpapakilala tungkol sa kaniya,  
Ang hayop nama'y tungkol sa ipoipo na dumarating.
- 37** Dahil dito nama'y nanginginig ang aking puso,  
At nababago sa kaniyang lugar.
- 2 Dingin ninyo ang ingay ng kaniyang voces,
- At ang tunog na lumalabas mula sa kaniyang bibig.
- 3 Kaniyang itinataboy sa ilalim ng boong langit,  
At ang kaniyang kidlat ay sa wakas ng lupa.
- 4 Sumusunod doo'y isang voces na umungal;  
Siya'y kumukulog ng voces ng kaniyang karangalan:  
At siya'y hindi titigil doon pagka ang kaniyang voces ay narinig.
- 5 Ang Dios ay kumukulog na kagilagilalas ng kaniyang voces;  
Dakilang mga bagay ang ginagawa niya, na hindi natin matalastas.
- 6 Sapagka't sinabi niya sa nieve: Lumaya ka sa lupa;  
Gayon din sa munting ulan,  
At sa kaniyang malaking ulan.
- 7 Tinatatakan niya ang kamay ng lahat na tawo:  
Upang makikala ng lahat na tawo na kaniyang nilalang.
- 8 Ng magkagayo'y ang mga hayop ay nasok sa mga yungib,  
At lumabi sa kanilang mga lugar.
- 9 Mula sa silid ng timugan ay dumarating ang ipoipo:  
At ang ginaw ay mula sa hilagaan.
- 10 Sa pamamag-itan ng hinga ng Dios ay nayayari ang hielo:  
At ang kaluangan ng mga tubig ay namuo.
- 11 Dinadala naman niya ang masingsing ulap ng kalamigan;  
Kaniyang pinangangalat ang kaniyang makinang na alapaap:
- 12 At pumipihit sa palibot sa pamamag-itan ng kaniyang turo,  
Upang kanilang gawin ang ano mang iutos niya sa kanila  
Sa ibabaw ng balat ng sanlibutang matatahanan:
- 13 Kaniyang pinararating maging para sa pagsaway,  
O para sa kaniyang lupain, o para sa kaawaan.
- 14 Dingin mo ito, Oh Job:  
Tumigil ka, at bulayin ang kagilagilalas na gawa ng Dios.
- 15 Nalalaman mo ba kung paanong sila'y nilalagdaan ng Dios ng kautusan,  
At pinasiling ang kidlat ng kaniyang alapaap?
- 16 Nalalaman mo ba ang mga pagtitimbangan ng mga alapaap,

- Ang mga kagilagilalas na gawa niya na sakdal sa kaalaman?
- 17 ¿Kung paanong umiinit ang iyong mga suot,  
Pagka tumatahinik ang lupa sa pamamag-itan ng *hangin* timugan?
- 18 ¿Mailalatag mo ba na kasama niya ang langit,  
Na matibay na parang salaming binu-bo?
- 19 Ituro mo sa amin kung anong aming sasabihin sa kaniya;  
*Sapagka't* hindi namin maayos ang aming salita dahil sa kadiliman.
- 20 ¿Sasayayin ba sa kaniya na aking sasaliain?  
¿O marapat na isipin ng isang tawo na siya'y sasakmalin.?
- 21 At ngayo'y hindi nakikita ng mga tawo ang makinang na liwanag na nasa alapaap:  
Nguni't ang hangin ay dumadaan, at mga pinapalis.
- 22 Karangalang ginto ay nagmumula sa hilagaan:  
May dala ang Dios na kakilakilabot na karangalan.
- 23 *Tungkol sa* Makapangyarihan-salahat, hindi natin masiyasat; siya'y marilag sa kapangyarihan;  
At sa kahatulan at saganang kabanaan: siya'y hindi pipig-hati.
- 24 Kinatatakutan nga siya ng mga tawo:  
Hindi niya binibigyang pitagan ang sino mang pantas na may magandang-loob.
- 38** Ng magkagayo'y sumagot ang PANGINOON kay Job mula sa ipopo, at nagsabing,
- 2 ¿Sino ito na napapadilim ng payo  
Sa pamamag-itan ng mga salita na walang kaalaman?
- 3 Bigkisan mo ngayon ang iyong mga balakang na parang lalaki:  
*Sapagka't* tatanungin kita at sasagot ka sa akin.
- 4 ¿Saan ka nandoon ng ilugay ko ang mga cimientong lupa?  
Isaysay mo kung mairoon kang kaalaman.
- 5 ¿Sinong naglagay ng mga sukat niya kung iyong nalalaman?  
¿O sinong nag-unat ng panukat sa kaniya?
- 6 ¿Sa ano nalagay ang kaniyang mga tungtungan?
- ¿O sinong naglagay ng batong panulok niya;
- 7 Kailan umawit na magkakasama ang mga bituin sa umaga,  
At ang lahat na anak ng Dios ay sumutsot sa kagalakan?
- 8 ¿O *sinong* nagsara sa dagat ng mga pinto,  
Ng lumabas na parang lumabas sa bahay-bata;
- 9 Ng aking gawin ang alapaap na bihis-san niya,  
At salinuot na kadiliman na pinakabalo sa kaniya,
- 10 At ng aking itatag sa kaniya ang aking pasiya,  
At lagyan ko ng mga halang at mga pinto,
- 11 At nagsabing, Hangang dito ay darating ka, nguni't hindi ka na tutuloy pa:  
At dito'y titigil ang iyong mga palalong alon?
- 12 ¿Nag-utos ka ba sa umaga mula ng iyong mga araw,  
At iyong ipinakilala sa buwang liwayway ang kaniyang lugar;
- 13 Upang humawak sa mga wakas ng lupa,  
At ang masama ay manga ipinapagpamula doon?
- 14 Nababagon parang putik sa ilalim ng tabak;  
At *lahat na bagay ay* nagiging parang bihisan:
- 15 At sa masama ay hiwalay ang kani-lang liwanag,  
At ang mataas na kamay ay mababali.
- 16 ¿Nasok ka ba sa mga bukal ng dagat?  
¿O lumakad ka sa mga butas ng kalaliman?
- 17 ¿Nangahayag ba sa iyo ang mga pintuang-daan ng kamatayan?  
¿O nakita mo ba ang mga pinto ng anino ng kamatayan?
- 18 ¿Iyo bang nabatid ang kaluangan ng lupa?  
Isaysay mo kung iyong nalalamang lahat.
- 19 ¿Saan nandoon ang daan na patungo sa tahanan ng liwanag,  
At tungkol sa kadiliman, saan nandoon ang lugar niya;
- 20 Upang iyong madala sa hanganan niya,  
At upang iyong malaman ang mga landas sa bahay niya?



- 21 ; *Marahil* nalalaman mo, sapagka't ikaw nga'y ipinanganak,  
At ang bilang ng iyong mga araw ay malaki!
- 22 ; Nasok ka ba sa mga kapisanan ng nieve,  
O nakita mo ba ang mga kapisanan ng granizo,
- 23 Na aking itinaan laban sa panahon ng kabagabagan,  
Laban sa araw ng paglalaban at pagbabaka?
- 24 ; Sa aling daan nangagaling ang liwanag,  
O nagpapangalat ng hanging silangan sa ibaw ng lupa?
- 25 ; Sinong humukay ng mga lagaslas ng tubig,  
O ng daan para sa kidlat ng kulog;
- 26 Upang magpaular sa lupa, na hindi tinatahanan ng tawo;  
Sa ilang na hindi dinodocnan ng tawo;
- 27 Upang busugin ang giba at sirang lupa;  
At upang pasibulin ang malambot na damo?
- 28 ; May ama ba ang ulan?  
O sinong nanganak ng mga patak ng hamog?
- 29 ; Sa kaninong bahay-bata nagmula ang hielo?  
At ang escarcha sa himpapawid, o sinong nanganak?
- 30 Ang mga tubig ay nakukubling parang kasama ng bato,  
At ang ibabaw ng kalaliman ay namu-mu.
- 31 ; Matatalian mo ba ang pagkakalakit ng mga *bituin* na Pleyade,  
O kalagan ang talian ng mga *bituin* na Orion?
- 32 ; Mailalabas mo ba ang mga *bituin* na mga tanda na Zodiako sa kaniyang kapanahunan?  
O mapapatnubayan mo ba ang mga *bituin* na Osa na kasama ng kaniyang mga anak?
- 33 ; Nalalaman mo ba ang mga ayos ng langit?  
O Mailalagay mo ba ang pagsakop niya sa lupa?
- 34 ; Mailalakas mo ba ang iyong voces hangang sa mga alapaap,  
Upang takpan ka ng kasaganaan ng mga tubig?
- 35 ; Makapagsusugo ka ba ng mga kidlat, upang mga yumaon,

- At magsabi sa iyong, Nangarito kami?
- 36 ; Sinong naglagay ng karunungan sa mga pinakaloob na bahagi?  
O sinong nagbigay ng kaalaman sa pag-iisip?
- 37 ; Sinong makabibilang ng mga alapaap sa karunungan?  
O sinong makatutuyo ng mga botella ng langit,
- 38 Pagka ang alabok ay nangangalat sa putik,  
At ang mga bugal ay nagkakasama?  
39 ; Huhuli ka ba ng mahuhuli para sa leona?  
O bubusugin mo ang kagutuman ng mga anak ng leon,
- 40 Pagka sila'y humihilig sa kanilang mga yungib,  
At tumatahan sa puang upang bumakay?
- 41 ; Sinong naghahanda sa owak ng pagkain niya,  
Pagka ang kaniyang mga inakay ay dumadaing sa Dios,  
At gumagala sa kakulangan ng pagkain?
- 39 ; Nalalaman mo ba ang panahong inilalabas ng mga mabangis na kambing sa bato?  
O matatandaan mo ba ang mga pagdaramdam ng mga usa?
- 2 ; Mabibilang mo ba ang mga buan na matutupad?  
O nalalaman mo ba ang panahong kanilang inilalabas?
- 3 Sila'y nagsisiyukod, kanilang inilalabas ang kanilang mga anak,  
Kanilang inihahagis ang kanilang mga kapanlawan.
- 4 Ang kanilang mga anak ay matataba, sila'y lumalaki sa kaparangan;  
Sila'y lumalabas at hindi na bumabalik.
- 5 ; Sinong nagpayaong laya sa mabangis na asno?  
O sinong nagkalag ng mga tali ng mabangis na asno?
- 6 Na sa kaniyang bahay ginawa ko ang ilang,  
At ang lupaing maasin ay kaniyang tahanan.
- 7 Kaniyang niwawalang kabuluhan ang kaguloan ng ciudad,  
O dinidinig man niya ang hiyaw ng nagpapatakbo.
- 8 Ang libot ng mga bundok ay kaniyang sabsaban,

- At kaniyang hinahanap ang lahat na sariwang bagay.
- 9 ¿Ibigin ba ng mabangis na baka na maglingkod sa iyo?  
¿O malabi sa siping ng iyong sabsaban?
- 10 ¿Matatalian mo ba ang mabangis na baka ng iyong panali sa bungkal?  
¿O magbusbagsag ba ng mga libis sa likuran mo?
- 11 ¿Aasa ka ba sa kaniya, dahil sa ang kaniyang lakas ay malaki?  
¿O iiwan mo ba ang iyong gagawin sa kaniya?
- 12 ¿Maniniwala ka ba sa kaniya na iuwi sa bahay ang iyong binhi, At pipisanin sa iyon giikan?
- 13 Ang pakpak ng avestruz ay nagalak;  
¿Nguni't may kagandahang-loob ba ang kanilang mga pakpak at mga balahibo?
- 14 Sapagka't nag-iiwan ng kaniyang mga itlog sa lupa,  
At mga nagpapainit sa alabok,
- 15 At nakalilimot na mga mapipisa ng paa,  
O mga mababasag ng mabangis na hayop.
- 16 Siya'y matigas laban sa kaniyang mga anak na parang mga hindi kaniya:  
Baga man ang kaniyang gawa ay walang kabuluhan, siya'y walang katakutan;
- 17 Sapagka't binawaan ng Dios siya ng karunungan,  
O binahagihan man siya ng kaalaman.
- 18 Ano mang panahon na siya'y mataas sa mataas,  
Tinatawanan niya ang kabayo at ang sakay niya.
- 19 ¿Nagbigay ka ba sa kabayo ng kalakasan?  
¿Binihisan mo ba ang kaniyang leeg ng buhok na gumagalaw?
- 20 ¿Pinalulukso mo ba siya na parang balang?  
Ang kalualhatian ng kaniyang bahin ay kakilakilabot.
- 21 Siya'y kumukulkol sa libis, at nagagalak sa kaniyang kalakasan:  
Siya'y sumasalubong sa mga tawong may sandata.
- 22 Tinutuya niya ang panlulupaypay, at hindi naduduag;  
O tinatalikuran man ang tabak.
- 23 Ang lalagyan ng pana ay tumutunog laban sa kaniya,  
Ang makintab na sibat at ang sibat.
- 24 Kaniyang sinasakmal ang lupa na may kabangisan at pagngangalit;  
O naniniwala man siya na yao'y tunog ng pakakak.
- 25 Kaniyang sinasabi sa tuing tutunog ang mga pakakak, ¡Ha!  
At kaniyang inaamoy ang pagbabaka sa malayo,  
Ang kulog ng mga kapitan at ang pag-sutsot.
- 26 ¿Lumilipad ba ang owak sa pama-mag-itan ng iyong karunungan,  
At iniuunat ang kaniyang mga pakpak sa dakong timugan?
- 27 ¿Napailanglang ba ang aguila sa iyong utos,  
At gumagawa ng kaniyang pugad sa itaas?
- 28 Siya'y tumatahan, at tumitira sa burol,  
Sa taluktok ng burol at sa katibayan.
- 29 Mula roo'y tumatanaw siya ng mahuhuli;  
Ang kaniyang mga mata ay tumitingin sa malayo.
- 30 Ang mga anak nama niya ay humihitit ng dugo:  
At kung saan nandoon ang napatay ay nandoon siya.
- 40** Bukod dito'y sumagot ang PANGINOON kay Job, at nagsabing,  
2 ¿Makikipagtalos ba siya sa Makapang-yarihan-sa-lahat na nagsusumbong?  
Siyang sumasaway sa Dios, sagutin ito.
- 3 Ng magkagayo'y sumagot si Job sa PANGINOON, at nagsabing,  
4 Narito, ako'y walang kabuluhan; ¿anong isasagot ko sa iyo?  
Aking inilalagay ang aking kamay sa aking bibig.
- 5 Minsan ay nagsalita ako; at hindi ako sasagot:  
Oo, makalawa; nguni't hindi ako magpapatuloy.
- 6 Ng magkagayo'y sumagot ang PANGINOON kay Job mula sa ipoipo, at nagsabing,  
7 Magbigkis ka ng iyong mga balakang ngayon na parang lalaki:  
Ako'y magtatanong sa iyo at sagutin mo ako.
- 8 ¿Iyo bang wawalang kabuluhan ang aking kahatulan?  
¿Iyo bang hahatulan ako, upang ikaw ay maging banal?

9. ¿O mairon ka bang kamay na gaya ng Dios?  
¿At makakukulog ka ba ng voces na gaya niya?
10. Magpakagayak ka ngayon ng karangalan at kamahalan;  
At magbihis ka ng kalualhatian at kagandahan.
11. Ihagis mo ang mga alab ng iyong pag-iinit;  
At masdan mo ang lahat na palalo, at tungtungan mo siya.
12. Masdan mo ang lahat na palalo, at iba-ba mo siya;  
At iyong tungtungan ang masama sa kaniyang tayuan.
13. Ikubli mo sila sa alabok na magkaka-sama;  
Talian mo ang kanilang mukha sa lihim.
14. Kung magkagayo'y isasaysay ko naman tungkol sa iyo  
Na maililigtas ka ng iyong kanan.
15. Masdan mo ngayon ang hayop na behemot na aking ginawang kasama mo:  
Siya'y kumakain ng damo na parang baka.
16. Narito, ngayon, ang kaniyang lakas ay nasa kaniyang mga balakang,  
At ang kaniyang kalakasan ay nasa kalamnan ng kaniyang tiyan.
17. Kaniyang iginagalaw ang kaniyang buntot na parang isang cedro:  
Ang mga ugat ng kaniyang mga hita ay nangagkakasabiran.
18. Ang kaniyang mga buto ay gaya ng mga tubo ng tanso;  
Ang kaniyang mga tagilirang buto ay parang mga halang na bakal.
19. Siya ang pinakamainam sa mga daan ng Dios:  
Ang lumalang sa kaniya ang makapaglalapit lamang ng tabak sa kaniya.
20. Tunay na ang mga bundok ay naglalabas sa kaniya ng pagkain;  
Na pinagsasayahan lahat ng hayop sa parang.
21. Siya'y humihiga sa ilalim ng malilim na punong kahoy,  
Sa pinakakubli sa mga kahuyan, at mga lumbak.
22. Ang mga malilim na punong kahoy ay nagtatakip sa kaniya ng kanilang lilim;  
Ang mga tambo sa batis ay lumiligid sa kaniya sa palibot.
23. Narito, kung ang isang ilog ay maagos, siya'y hindi natatakot:  
Siya'y umaasa baga man malululon ang Jordan sa kaniyang bibig.
24. ¿Kukuha ba ng ano man pagka bina-bantayan niya,  
O kaniyang ilong ay sumusuot sa silo?  
41. ¿Makukuha mo ba ang buaya ng isang binguit?  
¿O inilalawit ang kaniyang dila ng isang panali?
2. ¿Makapaglalagay ka ba ng tali sa kaniyang ilong?  
¿O bumutas sa kaniyang panga ng isang binguit?
3. ¿Gagawa ba siya ng maraming pamahik sa iyo?  
¿O magsasalita ba siya ng mga malambot na salita sa iyo?
4. ¿Gagawa ba siya ng tipan sa iyo,  
Na ano pa't kukunin mo ba siyang alipin magpakailan man?
5. ¿Makikipaglaro ka ba sa kaniya na parang sa isang ibon?  
¿O iyong tatalian siya para sa iyong mga dalaga?
6. ¿Manganlalakal ba siya ng mga pulutong ng mangingisda?  
¿Mababahagi ba siya sa mga manganlalakal?
7. ¿Mapupuno mo ba ang kaniyang balat ng taga na mga bakal,  
O ang kaniyang ulo ng mga sibat sa isda?
8. Ipatong mo ang iyong kamay sa kaniya;  
Alalahanin mo ang pagbabaka, at huag mo ng gawin.
9. Narito, ang pag-asa niya ay walang kabuluhan:  
¿Hindi ba mabubual ang sino man-makita lamang siya?
10. Walang malakas na makapangahas kumilos sa kaniya:  
¿Sino ngang makatatayo sa harap mo?
11. ¿Sinong naunang nagbigay sa akin upang aking bayaran siya?  
Ano mang nasa ilalim ng boong langit ay akin.
12. Hindi ko itatahimik tungkol sa kaniyang mga sangkap,  
O ang kaniyang dakilang kapangyarihan man, o ang kaniyang magandang mga sangkap.
13. ¿Sinong makapagilitaw ng karayagan ng kaniyang mga damit?  
¿O sinong makapapasok sa kaniyang mga gilagid?

- 14 *¿* Sinong makapagbubukas ng mga pin-to ng kaniyang mukha?  
Sa palibot ng kaniyang ngipin ay kakilabutan
- 15 *Ang kaniyang* mga matibay na palik-pik ay *kaniyang* kapalaluan, Nasasarhang maigi na *parang* sa isang takdang maligpit.
- 16 Ang isa'y totoong malapit sa isa, Na ang hangin ay hindi makapamagitan sa kanila.
- 17 Sila'y nagkakasugpong na isa't isa; Sila'y nagkakalakip na magkasama, na hindi magkakahiwalay.
- 18 Ang kanilang mga bahin ay sumisilang ang liwanag, At ang kanilang mga mata ay gaya ng mga talukapmata ng umaga.
- 19 Mula sa kaniyang bibig ay lumalabas ang maningas na tanglaw, At mga alipatong apoy ay lumbas.
- 20 Mula sa kaniyang mga butas ng ilong ay lumalabas ang usok, Na parang isang paliok na hinihipan at mga tambo na nagmimingas.
- 21 Ang kaniyang hinga ay nagpapaningas ng mga baga, At isang alab ay lumalabas sa kaniyang bibig.
- 22 Sa kaniyang leeg ay tumutira ang kalakasan, At ang kakilabutan ay sumasayaw sa harap niya.
- 23 Ang mga kaliskis ng kaniyang laman ay nagpipipisan: Sila'y matibay sa kanila; sila'y hindi makagalaw.
- 24 Ang kaniyang puso ay matatag na parang isang bato; Oo, matigas na parang piraso ng bato sa ibaba ng gilingan.
- 25 Pagka siya'y tumitindig ay natatakot ang makapangyarihan: Dahil sa pagkagulat ay nangalilito.
- 26 Ang tabak na itinataga sa kaniya ay hindi tumalab; O ang sibat man, ang pana, o ang matalas na tulis man.
- 27 Kaniyang hinabalagahan ang bakal na parang dayami, At ang tanso ay parang bulok na kahoy.
- 28 Hindi siya mapatakas ng pana: Ang mga batong panghilagpos ay nagiging kadahunan sa kaniya.
- 29 Ang mga palo ay ibinibilang na parang kadahunan:

- Kaniyang tinatawanan ang galaw ng sibat.
- 30 Ang kaniyang mga sangkap na nasa ilalim niya ay parang mga matulis na bibinga: Siya'y kumakalat na *parang* pangiik na matulis sa lumbak.
- 31 Kaniyang pinakukuluan ang kalaliman na parang paliok: Kaniyang ginagawa ang dagat na parang panapal.
- 32 Kaniyang pinasisilang ang landas sa likuran niya; Aakalain ng *sino man* na mauban ang kalaliman.
- 23 Sa ibabaw ng lupa ay walang parajeo, Na nilikha na walang takot.
- 34 Kaniyang minamasdan ang lahat na mataas na bagay: Siya'y hari sa lahat na mga anak ng kapalaluan.

- 42 Ng magkagayo'y sumagot si Job sa PANGINOON, at nagsabing,
- 2 Nalalaman ko na magagawa mo ang lahat na bagay, At walang akala kang mapipigil.
- 3 *¿* Sino siyang nagkukubli ng payo na walang kaalaman? Kaya't aking sinalita na hindi ko nalalaman, Mga bagay na totoong kagilagilalas sa akin na hindi ko nalalaman.
- 4 Dingin mo, isinasamo ko sa iyo, at ako'y magsasalita; Ako'y magtatanong sa iyo, at saysayin mo sa akin.
- 5 Dininig kita ng pakinig ng tainga; Ngunit ngayo'y nakikita ka ng aking mata,
- 6 Kaya't aking kinapopootan ang aking sarili, at nagsisisi ako Sa alabok at mga abo.
- 7 At nangyari, na pagkatapos na magsalita ng PANGINOON ang mga salitang ito kay Job, sinabi ng PANGINOON kay Elifaz na Temanita, Ang aking pag-iinit ay nag-aalab laban sa iyo, at laban sa iyong dalawang kaibigan: sapagka't hindi kayo nagsalita tungkol sa akin ng bagay na matuid, na gaya ng ginawa ng aking aliping si Job. 8 Kaya't kumuha kayo sa inyo ngayon ng pitong gnyang baka, at pitong lalaking tupa, at pumaroon kayo sa aking aliping kay Job, at ihandog niyong pinakahandog na susunugin; at

idadalangin kayo ng aking aliping si Job: sapagka't sa kaniya'y aking tatanggapin: baka kayo'y aking gawan ng ayon sa inyong kamangmangan; sapagka't hindi kayo nagsasalita tungkol sa akin ng bagay na matuid, na gaya ng aking aliping si Job. 9 Sa gayo'y yumaon si Elifaz na Temanita, at si Bildad na Suhita, at si Zofar na Naamatita, at ginawa ang ayon sa iniutos sa kanila ng PANGINOON: at kinalugdan naman ng PANGINOON si Job. 10 At binago ng PANGINOON ang pagkabihag ni Job, ng kaniyang idalangin ang kaniyang mga kaibigan: at ibinigay ng PANGINOON kay Job na makalawa ang higit ng dami kay sa tinatankilik niya ng dati. 11 Ng magkagayo'y naparoon sa kaniya ang lahat niyang mga kapatid na lalaki at babaye, at lahat na mga naging kakilala niya ng una, at kumain ng tinapay na kasalo niya sa kaniyang babay: at nakidamdang sa kaniya, at inaliw siya tungkol sa lahat na kasaman na dinala sa kaniya ng PANGINOON: lahat ng tawo nama'y nagbigay sa kaniya ng isang pira-

song salapi, at bawa't isa'y isang singsing na ginto. 12 Sa gayo'y pinagpala ng PANGINOON, ang huling wakas ni Job na higit kay sa kaniyang una: at siya nagkaroon ng labing apat na libong tupa, at anim na libong kamello, at isang libong parehang baka, at isang libong asnong babaye. 13 Siya nama'y nagkaroon ng pitong anak na lalaki at tatlong anak na babaye. 14 At tinawag niya ang pangalan ng una na Jemima; at ang pangalan ng ikalawa, Kezia; at ang pangalan ng ikatlo, Keren-hapuk. 15 At sa boong lupain ay walang mga babayang masumpungan na totoong maganda na gaya ng mga anak na babaye ni Job: at binigyan sila ng kanilang ama ng mana sa kasamahan ng kanilang mga kapatid. 16 At pagkatapos nito'y nabuhay si Job na isang daan at apat na puong taon, at nakita niya ang kaniyang mga anak, at ang mga anak ng kaniyang mga anak hangang sa apat na saling lahi. 17 Gayon namatay si Job na matanda at puspos ng mga araw.

## MĀA AWIT.

### UNANG LIBRO.

- 1 Pagpalain ang tawo na hindi lumalakad sa payo ng masama,
  - tumatayo man sa daan ng mga makasalanan,
  - nauupo man sa upaan ng mangdu-duahagi.
- 2 Kungdi ang kaniyang-kasayahan ay nasa kautusan ng PANGINOON;
  - At sa kautusan niya nagbubulaybulay siya araw at gabi.
- 3 At siya'y magiging parang punong kahoy na itinanim sa siping ng mga agos ng tubig,
  - Na nagbubunga sa kaniyang kapana-hunan;
  - Ang kaniyang dahon nama'y hindi malalanta;
  - At ano mang kaniyang gawin ay gininhawa.
- 4 Ang masama ay hindi gayon;
  - Kungdi gaya ng dayami na tinatangay ng hangin.
- 5 Kaya, ang masama ay hindi tatayo sa kahatulan,
  - ang mga makasalanan man sa kapulungan ng mga banal.
- 6 Sapagka't nalalaman ng PANGINOON ang lakad ng banal:
  - Ngunit ang lakad ng masama ay mawawala.
- 2 Bakit ang mga nacion ay gumugulo,
  - At ang mga bayan ay nag-aakala ng walang kabuluhang bagay?
- 2 Ang mga hari sa lupa ay nangahahanda,
  - At ang mga pundo ay nagsasangunian,
  - Laban sa PANGINOON at laban sa kaniyang pinahiran, na sinasabing,
- 3 Lagutin natin ang kanilang taling pamatok,
  - At ating ihagis mula sa atin ang kanilang mga panali.

- 4 Siyang nauupo sa mga langit ay tatawa:  
Wawalang kabuluhan ng PANGINOON sila.
- 5 Kung magkagayo'y magsasalita siya sa kanila sa kaniyang pag-iinit, At babagabagin sila sa kaniyang malabis na pagkasama ng loob:
- 6 Gayon ma'y inihalal ko ang aking hari  
Sa aking santong bundok na Zion.
- 7 Aking sasaysayin tungkol sa pasiya:  
Sinabi ng PANGINOON sa aking, Ikaw ay aking anak;  
Sa araw na ito ay ipinanganak kita.
- 8 Humingi ka sa akin, at ibigay ko sa iyo ang mga nasyon na iyong pinakamana,  
At ang mga pinakamalayo na bahagi ng lupa ay iyong pinakaari.
- 9 Sila'y iyong babaliin ng isang tungkod na bakal;  
Iyong mga dudurugin na parang isang sisidlan ng magpapaliok.
- 10 Ngayon nga'y magpakapantas kayo, Oh kayong mga hari:  
Mgasaway kayo, kayong mga hukom sa lupa.
- 11 Kayo'y maglingkod sa PANGINOON na may katakutan,  
At magalak na may panginiging.
- 12 Hagkan ninyo ang anak baka magalit siya, at kayo'y mapahamak sa daan, Sapagka't ang kaniyang pag-iinit ay madaling mag-aalab.  
Mapapalad ang naglagak ng kanilang pag-asa sa kaniya.
- 3** *Ang awit ni David, ng kaniyang takasan si Absalom na kaniyang anak.*
- 1 | PANGINOON, bakit ang aking mga kaaway ay lumalalo!  
Marami sila na bumabangon laban sa akin.
- 2 Marami ang nagsasabi sa aking kalulua,  
Walang pagtulong sa kaniya ang Dios. [Selah]
- 3 Nguni't ikaw, Oh PANGINOON ay isang kalasag sa palibot ko;  
Ang aking kalualhatian, at siyang tagapagtaas ng aking ulo.
- 4 Ako'y dumadaing sa PANGINOON ng aking voces,
- At sinasagot niya ako mula sa kaniyang santong burol. [Selah]
- 5 Ako'y nahiga, at natulog;  
Ako'y nagising: sapagka't inaalalayan ako ng PANGINOON.
- 6 Ako'y hindi matatakot sa sampuung libo ng bayan,  
Na nagsihanay laban sa akin sa palibot.
- 7 Ikaw ay bumangon, Oh PANGINOON; ilitgas mo ako, Oh aking Dios:  
Sapagka't iyong sinugatan ang lahat ng aking kaaway sa butong pisngi;  
Iyong binali ang mga ngipin ng masama.
- 8 Kaligtasa'y ukol sa PANGINOON:  
Ang iyong basbas ay sumaiyong bayan. [Selah]
- 4** *Sa Punong Musiko; sa mga instrumentong may cuerdas. Awit ni David.*
- 1 Sagutin mo ako, pagka tinatawag ko, Oh Dios ng aking kabanalan;  
Inilagay mo ako sa kalakhan, ng ako'y nasa kapigitan:  
Maawa ka sa akin, at dingin mo ang aking dalangin.
- 2 Oh kayong mga anak ng tawo, | hangang kailan magiging kasiraang puri ang aking kalualhatian?  
| Hangang kailan iibigin ninyo ang kalayawan, at hahanap ng kabulaanan? [Selah]
- 3 Nguni't talastasin ninyo na inihawalay ng PANGINOON para sa kaniyang sarili ang banal:  
Didingin ng PANGINOON pagka ako'y tumawag sa kaniya.
- 4 Kayo'y mga takot, at luag magkasala:  
Magbulaybulay kayo ng inyong puso sa inyong hihigan, at kayo'y tumahimik. [Selah]
- 5 Maghandog kayo ng mga hayin ng kabanalan,  
At ilagak ninyo ang inyong pag-asa sa PANGINOON.
- 6 Marami ang nagsasabing: | Sinong magpapakita sa atin ng mabuti? PANGINOON, itaas mo ang liwanag ng iyong mukha sa amin.
- 7 Ikaw ay naglagay ng kasayahan sa aking puso,  
Ng higit kay sa kanilang tinatankilik ng ang kanilang trigo, at kanilang alak ay sumagana.
- 8 Payapa akong hibiga at gayon din matutulog:

Sapagka't ikaw, PANGINOON, pinata-tahan mo akong mag-isa sa kaligtasan.

**5** *Sa Funong Musiko : sa mga instrumentong hinihipan. Awit ni David.*

- 1 Pakingan mo ang aking mga salita, Oh PANGINOON, Pakundanganan mo ang aking pagbulaybulay.
- 2 Dingin mo ang tinig ng aking daing, Hari ko, at Dios ko; Sapagka't sa iyo'y dumadalangin ako.
- 3 Oh PANGINOON, sa kinaumagaha'y didingin mo ang aking voces; Sa kinaumagahan ay aayusin ko ang aking daing sa iyo, at magbabantay ako.
- 4 Sapagka't ikaw ay hindi Dios na may kasayahan sa kasam-an: Ang masama ay hindi tatahan sa iyo.
- 5 Ang hambog ay hindi tatahan sa iyong paningin: Iyong kinapopootan ang lahat na mangagawa ng kasam-an.
- 6 Iyong lilipulin sila na nagsasalita ng mga kabulaanan: Kinapopootan ng PANGINOON ang ta-wong taksil at magdaraya.
- 7 Nguni't tungkol sa akin, sa karamihan ng iyong kagandahang-loob ay pasok ako sa iyong bahay: Sa takot sa iyo ay sasamba ako sa dako ng iyong santong templo.
- 8 Patnubayan mo ako, Oh PANGINOON, sa iyong kabanalan dahil sa aking mga kaaway; Patagin mo ang iyong daan sa harap ng aking mukha.
- 9 Sapagka't walang pagtatapat sa kanilang bibig; Ang kanilang kalooban ay lubhang kasam-an: Ang kanilang lalamunan ay bukas na libingan; Sila'y pumupuri ng kanilang dila.
- 10 Bigyang sala mo sila, Oh Dios; Ibuat mo sila sa kanilang sariling mga payo: Ilabas mo sila sa karamihan ng kanilang mga pagsalangsang; Sapagka't sila'y nanghimagsik laban sa iyo.
- 11 Nguni't iyong pagalakin ang lahat na naglalagak ng kanilang pag-asa sa iyo, Umawit sila sa kagalakan magpakai-

lan man, sapagka't iyong mga ipi-nagsasalang sila:

Magalak din sa iyo ang mga umiibig ng iyong pangalan.

**12** Sapagka't iyong pagpapalain ang banal;

Oh PANGINOON, kukulungin mo sila ng ikabubuti na parang isang kala-sag.

**6** *Sa Funong Musiko; sa mga instrumentong may cuerdas, inihahanda sa oktava, Awit ni David.*

- 1 Oh PANGINOON, huag mo akong sa-wayin sa iyong galit, O parusahan mo man ako sa iyong mainit na kasam-an ng loob.
- 2 Maawa ka sa akin, Oh PANGINOON; sapagka't ako'y nanghihina: Oh PANGINOON, gamutin mo ako; sapagka't ang aking mga buto ay nababagabag.
- 3 Ang akin namang kalulua ay nababagabag na mainam: At ikaw, Oh PANGINOON, ¿hangang kailan?
- 4 Ikaw ay magbalik, Oh PANGINOON, iligtas mo ang aking kalulua: Iligtas mo ako ng iyong kagandahang-loob.
- 5 Sapagka't sa kamatayan ay walang alaala sa iyo: Sa libingan ¿sinong mangagpapasalamat sa iyo?
- 6 Ako'y pagod ng aking pagdaing; Bawa't gabi ay aking pinalalangoy ang aking hihigan; Aking dinidilig ang aking unan ng aking mga luha.
- 7 Ang aking mga mata ay nanglalalim dahil sa kapanlawan; Tumatanda dahil sa aking lahat na mga kaaway.
- 8 Hiwalayan ninyo ako, kayong lahat na mangagawa ng kasam-an; Sapagka't narinig ng PANGINOON ang voces ng aking pag-iyak.
- 9 Narinig ng PANGINOON ang aking pamahik; Tatanggapin ng PANGINOON ang aking dalangin.
- 10 Lahat ng aking kaaway ay mapapa-hiya, at mababagabag na mainam: Sila'y babalik, sila'y mapapahiyang bigla.

**7** *Sigayon ni David, na kaniyang inawit sa Panginoon, tungkol sa mga salita ni Kus na Benjamita.*

- 1 Oh PANGINOONG aking Dios, sa iyo inililaglak ko ang aking pag-asa: Iligtas mo ako sa lahat na humahabol sa akin, at papaging layain mo ako;
- 2 Baka ang aking kalulua ay agawin na parang leon, Na katayin, habang walang magligtas.
- 3 Oh PANGINOONG aking Dios kung aking ginawa ito; Kung may kasam-an sa aking mga kamay;
- 4 Kung ako'y gumanti ng kasam-an sa kaniya na may kapayapaan sa akin; (Oo, aking iniligtas siya, na walang awo mang kadahilanan ay naging aking kaaway:)
- 5 Habulin ng kaaway ang aking kalulua, at abutan; Oo, yapakan niya ang aking kalulua sa lupa, At ilagay ang aking kalualhatian sa alobok. [Selah]
- 6 Ikaw ay bumangon, Oh PANGINOON, sa iyong galit, Magpakataas ka laban sa galit ng aking mga kaaway: At gumising ka dahil sa akin; ikaw ay nag-utos ng kahalutalan.
- 7 At kulungin ka ng kapulangan ng mga bayan sa palibot: At sa kanila ay magbalik ka sa mataas.
- 8 Ang PANGINOON'y namamahala ng kahalutalan sa mga bayan: Iyong hatulan ako, Oh PANGINOON ayon sa aking kabanalan, at sa aking pagtatapat na nasa akin.
- 9 Oh padatingin sa wakas ang kasam-an ng masama, nguni't itatag mo ang banal: Sapagkat't sinusubok ng Dios na banal ang mga puso at ang mga bato.
- 10 Ang aking kalasag ay kasama ng Dios, Na nagliligtas ng matuid sa puso.
- 11 Ang Dios ay banal na hukom, Oo, Dios na may galit laban sa kasam-an lahat ng araw.
- 12 Kung ang tawo ay hindi magbalik, kaniyang ipahasa ang kaniyang tabak; Kaniyang iniakma ang kaniyang bosog, at inihanda.
- 13 Inihanda naman niya sa kaniya ang mga kasangkapan ng kamatayan; Kaniyang pinapag-aalab ang kaniyang mga paa na *maliksi*.

- 14 Narito, siya'y nagdaramdam ng kasam-an; Oo, siya'y naglihi ng kasam-an, at naglalabas ng kabulaanan.
- 15 Siya'y gumawa ng balon, at hinukay, At nahulog sa hukay na kaniyang ginawa.
- 16 Ang kaniyang gawa ay babalik sa kaniyang sariling ulo, At ang kaniyang pangdadahas ay bababa sa kaniyang sariling bunbunan.
- 17 Ako'y magpapasalamat sa PANGINOON, ayon sa kaniyang kabanalan: At awit ng pagpupuri sa pangalan ng PANGINOON na *Kataastaasan*.

**8** *Sa Punong Musiko; inihanda sa Gitit. Awit ni David.*

- 1 Oh PANGINOON, aming Panginoon, Pagkarangal ng iyon pangalan sa boong lupa! Na siyang naglagay ng iyong kalualhatian sa mga langit.
- 2 Mula sa bibig ng mga sangol at ng mga sumususo ay iyong itinatag ang kalakasan, Dalil sa iyong mga kaaway, Upang iyong patahimikin ang kaaway at ang manghihiganti.
- 3 Pagka aking binubulay ang iyong mga langit, ang gawa ng iyong mga daliri, Ang buan at ang mga bituin na iyong inayos;
- 4 Ano ang tawo upang iyong alalahanin siya? At ang anak ng tawo, upang iyong dalawin siya?
- 5 Sapagka't iyong ginawa siyang kaonting mabuba lamang kay sa Dios, At pinutungan mo siya ng kalualhatian at karangalan.
- 6 Iyong ginawa siyang magkaroon ng pagsakop sa mga gawa ng iyong mga kamay; Iyong inilagay ang lahat na mga bagay sa ilalim ng kaniyang mga paa:
- 7 Lahat na tupa at baka, Oo, at ang mga hayop sa parang;
- 8 Ang ibon sa himpapawid, at ang isda sa dagat, Ano mang nagdaraan sa mga landas ng mga dagat.
- 9 Oh PANGINOON, aming Panginoon, Pagkarangal ng iyon pangalan sa boong lupa!



**9** *Sa Punong Musiko, Inihanda sa Muthlabben. Awit ni David.*

- 1** Ako'y magpapasalamat sa PANGINOON ng aking boong puso; Aking ipakitilala ang lahat na iyong kababalaghang gawa.
- 2** Ako'y magpapakasaya at magpapakagalak sa iyo:  
Ako'y aawit ng pagpuri sa iyong pangalan, oh ikaw na Kataastaasan.
- 3** Pagka ang aking mga kaaway ay nagbalik,  
Sila'y natitised at nalilipol sa iyong harap.
- 4** Sapagka't iyong inalalayan ang aking matuid at ang aking usap;  
Ikaw ay nauupo sa luklukan na humahatol na may kabanalan.
- 5** Iyong sinaway ang mga nacion, iyong nilipol ang masama,  
Iyong pinawi ang kanilang pangalan magpakailan man.
- 6** Ang kaaway ay dumating sa wakas, sila'y bual magpakailan man;  
At ang mga ciudad na iyong binunot, Ang alaala sa kanila ay napawi.
- 7** Ngunit ang PANGINOON ay nauupo magpakailan man *na hari*:  
Inihanda niya ang kaniyang luklukan para sa kahatulan.
- 8** At hahatulan niya ng matuid ang sanglibutan,  
Siya'y mamamahala ng karampatang kahatulan sa mga bayan.
- 9** Ang PANGINOON naman ay magiging matayog na moog para sa napipig-hati,  
Matayog na moog sa mga panahon ng kabagabagan;
- 10** At silang nakakaalam ng iyong pangalan ay maglalagak ng kanilang pag-asa sa iyo;  
Sapagka't ikaw, PANGINOON, hindi mo pinabayaan sila na humahanap sa iyo.
- 11** Umawit kayo ng pagpuri sa PANGINOON, na tumatahan sa Zion:  
Isaysay ninyo sa gitna ng bayan ang kaniyang mga gawa.
- 12** Sapagka't siyang gumagawa ng pagganti dahil sa dugo ay umaalala sa kanila:  
Hindi niya kinalilimutan ang daing ng dukha.
- 13** Maawa ka sa akin, Oh PANGINOON;  
Masdan mo ang kadalambahatian na aking tinitis sa kanila na napopoot sa akin,

Ikaw na nagtataas sa akin mula sa mga pintuang-daan ng kamatayan;

- 14** Upang aking maipakilala ang iyong boong kapurihan:  
Sa mga pintuang-daan ng anak na babaye ng Zion,  
Ako'y magagalak sa iyong kaligtasan.
- 15** Ang mga nacion ay nalubog sa hukay na kanilang ginawa:  
Sa silo na kanilang ikinubli ay kanilang sariling paa ang nahuli.
- 16** Ang PANGINOON ay napakilala, siya'y gumawa ng kahatulan:  
Ang masama ay nasilo sa mga gawa ng kaniyang sariling mga kamay.  
[Higgaion. Selah]
- 17** Ang masama ay babalik sa libingan,  
Ang lahat ng nacion na lumilimot sa Dios.
- 18** Sapagka't ang mapagkailangan ay hindi malilimutan kailan man,  
O ang pag-asa ng dukha ay mapapawi magpakailan man.
- 19** Ikaw ay bumangon, Oh PANGINOON;  
huag manaig ang tawo:  
Mahatulan ang mga nacion sa iyong paningin.
- 20** Isilid mo sila sa katakutan, Oh PANGINOON:  
Ipakilala mo sa mga nacion na sila'y mga tawo lamaug. [Selah]

**10** ¿Bakit ikaw ay tumatayo sa malayo, Oh PANGINOON?

¿Bakit ikaw ay nagtatago sa mga panahon ng kabagabagan?

- 2** Sa kapalaluan ng masama ang dukha ay nahahabol na mainam;  
Mahuli nawa sila sa mga karayaan na kanilang inakala.
- 3** Sapagka't ang masama ay nagmamalaki sa nais ng kaniyang puso,  
At ang mangingimbot ay nagtatakuil, at nagwawalang kabuluhan sa PANGINOON.
- 4** Ang masama sa kapalaluan ng kaniyang mukha, *nageasabing*: Hindi niya habanapin.  
Lahat niyang pag-iisip ay: Walang Dios.
- 5** Ang kaniyang mga lakad ay panatag sa lahat ng panahon;  
Ang iyong mga kahatulan ay malayong totoo sa kaniyang paningin:  
Tungkol sa lahat ng kaniyang mga kaaway, mga tinutuya niya.
- 6** Sinasabi niya sa kaniyang puso: Hindi ako makikilos:

- Sa lahat ng lahi ay hindi ako malalagay sa kapighatian.
- 7 Ang kaniyang bibig ay puno ng panunungayaw, at pagdaraya, at pami-mighati:
- Sa ilalim ng kaniyang dila ay pag-api at kasam-an.
- 8 Siya'y nauupo sa mga pinakatagong lugar sa mga nayon:
- Sa mga kubling lugar ay pinapatay niya ang walang sala:
- Ang kaniyang mga mata ay natititig laban sa walang nagkakandili.
- 9 Siya'y bumabakay sa kubli, na parang leon sa kaniyang yungib:
- Siya'y nag-aabang upang huli-hin ang dukha:
- Hinuhuli niya ang dukha, pagka kaniyang dinadala siya sa silo niya.
- 10 Kaniyang iniyuyuko, kaniyang ibinababa,
- At ang mga walang nagkakandili ay nahuhulog dahil sa kaniyang mga malakas.
- 11 Sinasabi niya sa kaniyang puso: Dios ay nakalimot:
- Kaniyang ikinukubli ang kaniyang mukha; hindi na niya makikita kailan man.
- 12 Ikaw ay magbangon, Oh PANGINOON; Oh Dios, itaas mo ang iyong kamay:
- Huag mong kalimutan ang dukha.
- 13 Bakit niwawalang kabuluhan ng masama ang Dios,
- At nagsasabi sa kaniyang puso: Hindi mo sisiyasatin?
- 14 Iyong nakita; sapagka't iyong minamasdan ang pag-api at pagganti, upang kunin mo sa iyong kamay:
- Ang walang nagkakandili ay napakukupkop sa iyo;
- Ikaw ay naging manunulong sa ulila.
- 15 Baliin mo ang brazo ng masama:
- At tungkol sa masamang tawo; hinahap ang kaniyang kasam-an hanggang sa wala kang masumpungan.
- 16 Ang PANGINOON ay Hari magpakailan man:
- Ang mga nasyon ay nalilipol sa kaniyang lupain.
- 17 PANGINOON, iyong narinig ang nasa ng mababa:
- Iyong ihahanda ang kanilang puso, iyong pakikingan ng iyong pakinig:
- 18 Upang hatulan ang ulila at ang napipighati,

Upang huag ng makapangilabet ang lalaki na taga lupa.

- 11 *Sa Punong Musiko. Awit ni David.*
- 1 Sa PANGINOON ay inilalagak ko ang pag-asa ko:
- Bakit inyong sinasabi sa aking kalulua,
- Tumakas ka na parang isang ibon sa iyong bundok?
- 2 Sapagka't, narito, iniunat ng masama ang bosog,
- Kanilang inihahanda ang kanilang pana sa tali,
- Upang sila'y makapagpahilagpos sa kadiliman sa matuid sa puso.
- 3 Kung ang mga cimiento ay magiba,
- Bakit anong magagawa ng banal?
- 4 Ang PANGINOON ay nasa kaniyang santong templo,
- Ang PANGINOON, ang kaniyang luklukan ay nasa langit;
- Ang kaniyang mga mata ay tumitingin, ang kaniyang mga talukapmata ay nagmamasid, sa mga anak ng tawo.
- 5 Ang PANGINOON ay sumusubok ng banal:
- At sa masama at sa kaniya na umiibig ng pagdahas ay napopoot ang kaniyang kalulua.
- 6 Sa masama ay magpapaulan siya ng mga silo;
- Apoy, azufre, at nag-aalab na hangin ay magiging bahagi ng kanilang kopa.
- 7 Sapagka't ang PANGINOON ay banal; minamahal niya ang kabanalan:
- 8 Mamasdan ng matuid ang kaniyang mukha.
- 12 *Sa Punong Musiko; Inihanda sa Octava. Awit ni David.*
- 1 Tumulong ka, PANGINOON, sapagka't ang mabait na tawo ay nauubos;
- Sapagka't nagkukulang ng tapat sa gitna ng mga anak ng tawo.
- 2 Sila'y nagsasalita ng walang kabuluhan, na bawa't isa'y sa kaniyang kapua:
- Sila'y nagsasalita na may matabil na labi, at may giring pulang puso.
- 3 Ihihiwalay ng PANGINOON ang lahat na matabil na labi,
- Ang dila na nagsasalita ng mga dakilang bagay:
- 4 Na nagsipagsabing: Sa pamamag-itan ng aming dila ay mananaig kami;

- Ang aming mga labi ay aming sarili :  
 ¿ sino ang panginoon sa amin?  
 5 Dahil sa pagsamsam sa dukha, dahil sa buntong-hininga ng mapagkailangan, Babangon nga ako, sabi ng PANGINOON;  
 Aking ililigtas siya na kanilang niwawalang kabuluhan.  
 6 Ang mga salita ng PANGINOON ay mga malinis na salita;  
 Na parang pilak na tinikman sa hurno sa lupa,  
 Na makapitong dinalisay.  
 7 Iyong mga iingat, Oh PANGINOON, Iyong mga pakainngatan mula sa lahing ito magpakailan man.  
 8 Ang masama ay lumalakad sa lahat ng dako,  
 Pagka ang kasam-an ay natataas sa gitna ng mga anak ng tawo.

### 13 Sa Punong Musiko. Awit ni David.

- 1 ¿ Hangang kailan, Oh PANGINOON, iyong kalilimutan ako magpakailan man?  
 ¿ Hangang kailan ikukubli mo ang iyong mukha sa akin?  
 2 ¿ Hangang kailan kukuhang payo ako sa aking kalulua,  
 Na may kalumbayan sa aking puso, lahat ng araw?  
 ¿ Hangang kailan magpapakataas ang aking kaaway sa akin?  
 3 Iyong bulayin, at sagutin mo ako, Oh PANGINOONG aking Dios:  
 Liwanagan mo ang aking mga mata, baka ako'y matulog ng *tulog ng kamatayan*;  
 4 Baka sabihin ng aking kaaway, Ako'y nadaig laban sa kaniya;  
*Baka ang aking mga kaaway ay magalak pagka ako'y nakilos.*  
 5 Nguni't ako'y umasa sa iyong kaawaan;  
 Magagalak ang aking puso sa iyong pagliligtas:  
 6 Ako'y aawit sa PANGINOON,  
 Sapagka't siya'y gumawa na may kangandahang-loob sa akin.

### 14 Sa Punong Musiko. Awit ni David.

- 1 Ang mangmang ay nagsabi sa kaniyang puso: Walang Dios.

- Sila'y napapahamak, sila'y gumawa ng kasuklamsuklam na mga gawa;  
 Walang gumagawa ng mabuti.  
 2 Tinitingnan ng PANGINOON ang mga anak ng tawo mula sa langit,  
 Upang tingnan, kung may sino mang nakakaalam,  
 Na humanap sa Dios.  
 3 Silang lahat ay nangagsihiwalay; sila'y magkakasama na naging karumaldumal;  
 Walang gumagawa ng mabuti, wala kahit isa.  
 4 ¿ Wala bang kaalaman ang lahat na mangagawa ng kasaman?  
 Na siyang mga kumakain ng aking bayan *na parang* kumakain ng tinapay,  
 At hindi tumatawag sa PANGINOON.  
 5 Doo'y nalagay sila sa malaking katakutan:  
 Sapagka't ang Dios ay nasa lahi ng banal.  
 6 Inyong inilalagay sa kahihyan ang payo ng dukha,  
 Sapagka't ang PANGINOON ang kaniyang takbuhan.  
 7 ¿ Oh kung ang kaligtasan ng Israel ay nangagaling sa Zion!  
 Pagka ibinabalik ng PANGINOON ang pagkabihag ng kaniyang bayan,  
 Kung magkagayo'y magagalak si Jakob, at masasayahan ang Israel.

### 15

*Awit ni David.*

- 1 PANGINOON, ¿ sinong makapanunuluyan sa iyong tabernakulo?  
 ¿ Sinong tatahan sa iyong santong burol?  
 2 Siyang lumalakad na matuid, at gumagawa ng kabanalan,  
 At nagsasalita ng katotohanan sa kaniyang puso.  
 3 Siyang hindi naninirang puri ng kaniyang dila,  
 O gumagawa man ng kasam-an sa kaniyang kaibigan,  
 O nagtataas man ng pagduhagi laban sa kaniyang kapua.  
 4 Na sa mga mata niya ay niwawalang kabuluhan ang masama;  
 Nguni't kaniyang pinapupurihin ang natatakot sa PANGINOON.  
 Siyang sumusumpa sa kaniyang saring kalugihan, at hindi binabago.  
 5 Siyang hindi naglalabas ng kaniyang salapi sa patubo,

O kumukuha man ng suhol laban sa walang sala.

Siyang gumagawa ng mga bagay na ito ay hindi makikilos kailan man.

16

*Michtam ni David.*

- 1 Inugatan mo ako, Oh Dios; sapagka't sa iyo inilalagak ko ang aking pag-asa.
- 2 Aking sinabi sa PANGINOONG: Ikaw ay aking Panginoon: Ako'y walang kabutihan liban sa iyo.
- 3 Tungkol sa mga santo na nasa lupa, Sila ang mga marangal na mga kinalulugdan ko.
- 4 Ang mga kalumbayan nila ay dadami, na nababago ng Dios: Ang kanilang inuming handog na dugong ay hindi ko ihahandog, O kukuin man ang kanilang mga pangalan sa aking mga labi.
- 5 Ang PANGINOON ay siyang bahagi ng aking mana at ng aking tasa: Iyong inaalalayan ang aking kapalaran.
- 6 Ang kapalaran ay nalaglag sa akin sa mga masayang lugar; Oo, ako'y may mainam na mana.
- 7 Aking pupurihin ang PANGINOON na nagbibigay sa akin ng payo: Oo, tinuturuan ako ng aking mga bato sa kinagabihan.
- 8 Aking inilagay ang PANGINOON kailan man sa harap ko: Sapagka't kung siya'y nasa aking kanan, hindi ako makikilos.
- 9 Kaya't ang aking puso ay masaya, at ang aking kalualhatian ay nagagalak: Ang akin namang laman ay tatahang tiwasay.
- 10 Sapagka't hindi mo iiwan ang aking kalulua sa libingan; At hindi mo man titiisin ang iyong santo ay makakita ng kapahamakan.
- 11 Iyong ituturo sa akin ang landas ng buhay: Nasa iyong harap ang kapunuan ng kagalakan; Sa iyong kanan may mga kasayahan na magpakailan man.

17

*Panalangin ni David.*

- 1 Dingin mo ang katuiran, Oh PANGINOON, pakingan mo ang aking dating;

Ulinigin mo ang aking pagpuri, na hindi lumalabas sa mga magdara-ayang labi.

- 2 Mangaling sa iyong harap ang aking kahatulan; Masdan ng iyong mga mata ang karampantan.
- 3 Iyong tinikman ang aking puso; iyong dinalaw ako sa kinagabihan; Iyong sinubok ako, at wala kang nasumpungan; Ako'y nagpasiya na ang aking bibig ay hindi sasalangsang.
- 4 Tungkol sa mga gawa ng tawo, sa pamamag-itan ng salita ng iyong mga labi Ako'y nag-ingat sa mga daan ng pangdadahas.
- 5 Ang aking mga hakbang ay inaalalayan mo sa iyong mga landas, Upang ang aking mga paa ay hindi madulas.
- 6 Ako'y tumawag sa iyo, sapagka't ikaw ay sasagot sa akin, Oh Dios: Ikiling mo ang iyong pakinig sa akin, at dingin mo ang aking salita.
- 7 Ipakita mo ang iyong mga kagilagilas na kagandahang-loob, Oh ikaw na nagliligtas sa kanila na naglalagak ng kanilang pag-asa sa iyo Sa mga nagbabangon laban sa kanila, sa pamamag-itan ng iyong kanan.
- 8 Ingtan mo ako na parang salamin ng mata, Ikubli mo ako sa lilim ng iyong mga pakpak,
- 9 Mula sa masama na pumipighati sa akin, Sa aking mga pumapatay na mga kaaway, na kumukulong sa akin.
- 10 Sila'y nabalot sa kanilang sariling taba: Sila'y nagsasalitang may kapalaluan ng kanilang bibig.
- 11 Kanilang kinulong nga kami sa aming mga hakbang: Itinititig nila ang kanilang mga mata upang ibual kami sa lupa.
- 12 Sila'y gaya ng leon na sakim sa kaniyang huli, At gaya ng anak ng leon na humihiga sa mga lihim na lugar.
- 13 Bumangon ka, Oh PANGINOON, Taugayin mo siya, ihiga mo siya: Iligtas mo ang aking kalulua sa masama sa pamamag-itan ng iyong tabak;
- 14 Sa mga tawo sa pamamag-itan ng iyong kamay, Oh PANGINOON,

- Sa mġa tawo sa sanglibutan, na ang bahagi ay nasa buhay na ito,  
 At ang kanilang tiyan ay pinupuno mo ng iyong kayamanan:  
 Sila'y galak dahil sa kanilang mġa anak,  
 At iniwan nila ang natira sa kanilang pagkain sa kanilang mġa sangol.
- 15 Tungkol sa akin, aking mamasdan ang iyong mukha sa kabanalan:  
 Ako'y matutua pagka ako'y nagbangon sa iyong wangis.
- 18 *Sa Funong Musiko. Awit ni David na alipin ng Panginoon, na siyang nagalila sa Panginoon, ng mġa salita ng awit na ito sa araw na iniligtas siya ng Panginoon sa kamay ng lahat niyang mġa kaaway, at sa kamay ni Saul: at kaniyang sinabing,*
- 1 Inibig kita, Oh PANGINOON, na aking kalakasan.
- 2 Ang PANGINOON ay aking burol, at aking kuta, at aking tagapagligtas;  
 Aking Dios, aking matibay na burol, sa kaniya'y aasa ako;  
 Aking kalasag, at ang sungay ng aking kaligtasan, aking matayog na moog.
- 3 Ako'y tatawag sa PANGINOON, na marapat na purihin:  
 Sa gayo'y maliligtas ako sa aking mġa kaaway.
- 4 Kinulong ako ng mġa tali ng kamatayan,  
 At tinakot ako ng mġa agos ng kasaman.
- 5 Ang mġa tali ng libingan ay nasa palibot ko:  
 Ang mġa silo ng kamatayan ay dumating sa akin.
- 6 Sa aking kapanlawan ay tumawag ako sa PANGINOON,  
 At dumaing ako sa aking Dios:  
 Dininig niya ang aking voces mula sa kaniyang templo,  
 At ang aking daing ay dumating sa harap niya sa loob ng kaniyang mġa pakinig.
- 7 Ng magkagayo'y nauga at nanginig ang lupa,  
 Ang mġa cimiento naman ng mġa bundok ay nakilos  
 At nauga sapagka't siya'y nag-init.
- 8 Napailanglang ang usok mula sa kaniyang mġa butas ng ilong,  
 At apoy na mula sa kaniyang bibig ay sumupok:

- Mġa бага ay nag-alab sa kaniya.
- 9 Kaniya namang iniyuko ang mġa langit, at ibinaba;  
 At mġa salimuot na kadiliman ay nasa ilalim ng kaniyang mġa paa.
- 10 At siya'y sumakay sa isang kerubin, at lumipad:  
 Oo, siya'y lumipad na maliksi sa mġa pakpak ng hangin.
- 11 Kaniyang pinadilim ang kaniyang kublihang lugar, ang kaniyang tabanan sa palibot niya;  
 Mġa kadiliman ng mġa tubig, masinsing mġa alapaap sa mġa langit.
- 12 Sa kakinangan ng harap niya ay dumaan ang kaniyang mġa masinsing alapaap,  
 Mġa granizo at mġa bagang apoy.
- 13 Ang PANGINOON naman ay kumulong sa mġa langit,  
 At pinatunog ng Kataastaasan ang kaniyang voces;  
 Mġa granizo, at mġa bagang apoy.
- 14 At kaniyang inihilagpos ang kaniyang mġa pana, at mġa pinangalat;  
 Oo, mġa kidlat na sarisari at ginulo sila.
- 15 Ng magkagayo'y lumitaw ang mġa bangbang ng tubig,  
 At ang mġa cimiento ng sanglibutan ay nalalagay na hubad,  
 Sa iyong pagsaway, Oh PANGINOON,  
 Sa hihip ng hinga ng iyong mġa butas ng ilong.
- 16 Siya'y nagsugo mula sa itaas, kinuha niya ako;  
 Sinagip niya ako sa maraming tubig.
- 17 Iniligtas niya ako sa aking malakas na kaaway,  
 At sa mġa napopoot sa akin, sapagka't sila'y totoong makapangyarihan sa ganang akin.
- 18 Sila'y dumating sa akin sa kaarawan ng aking kasakunaan:  
 Ngunit ang PANGINOON ay siyang aking gabay.
- 19 Inilabas naman niya ako sa malawak na lugar;  
 Iniligtas niya ako, sapagka't siya'y nalulugod sa akin.
- 20 Ginagantihan ako ng PANGINOON ayon sa aking kabanalan;  
 Ayon sa kalinisan ng aking mġa kamay ay givanti niya ako.
- 21 Sapagka't aking iningatan ang mġa daan ng PANGINOON,  
 At hindi ako humiwalay ng masama sa aking Dios.

- 22 Sapagka't lahat niyang mga kahatulan ay nasa harap ko,  
At hindi ko inihwalay ang kaniyang mga palatuntunan sa akin.
- 23 Ako nama'y dalisay sa kaniya,  
At ako'y nag-ingat ng aking sarili sa aking kasam-an.
- 24 Kaya't ginanti ako ng PANGINOON ayon sa aking kabanalan,  
Ayon sa kalinisan ng aking mga kamay sa kaniyang paningin.
- 25 Sa mahabagin ay pakikilala kang mahabagin;  
Sa sakdal na tawo ay pakikilala kang sakdal;
- 26 Sa malinis ay pakikilala kang malinis;  
At sa mapanghimagsik ay pakikilala kang mapanghimagsik.
- 27 Sapagka't iyong ililigtas ang napipig-hating bayan:  
Nguni't ang mga mapagmataas na mata ay iyong ibababa.
- 28 Sapagka't iyong pagningasin ang aking ilawan;  
Liliwanagan ng PANGINOONG aking Dios ang aking kadiliman.
- 29 Sapagka't sa pamamag-itan mo ay takbuhin ko ang isang hukbo;  
At sa pamamag-itan ng aking Dios ay lulukso ako sa kuta.
- 30 Tungkol sa Dios ang kaniyang daan ay sakdal:  
Ang salita ng PANGINOON ay dalisay;  
Siya'y kalasag sa lahat na umaasa sa kaniya.
- 31 ¿Sapagka't sino ang Dios, liban sa PANGINOON?  
At ¿sino ang burol, maliban sa ating Dios?
- 32 Ang Dios na nagbibigkis sa akin ng kalakasan,  
At nagpapasakdal ng aking lakad.
- 33 Kaniyang ginagawa ang aking mga paa na parang mga paa ng mga usa:  
At inilalagay niya ako sa aking mga mataas na lugar.
- 34 Kaniyang tinuturuan ang aking mga kamay na bumaka;  
Na ano pa't ang aking mga kamay ay bumabali ng bosog na tanso.
- 35 Iyo namang ibinigay sa akin ang kalasag na iyong pangligtas:  
At inalalayan ako ng iyong kanan,  
At pinalaki ako ng iyong kaamuan.
- 36 Iyong pinalaki ang aking mga hakbang sa ilalim ko,  
At ang aking mga paa ay hindi nadulas.
- 37 Aking bahabulin ang aking mga kaaway, at aabutan ko sila:  
At hindi man ako babalik hangang sa sila'y malipol.
- 38 Aking susugatan sila, na ano pa't sila'y huag makatayo:  
Sila'y mabubual sa ilalim ng aking mga paa.
- 39 Sapagka't iyong binigkisan ako ng kalakasan sa pagbabaka:  
Iyong pinasuko sa akin yaong mga nagbabangon laban sa akin.
- 40 Iyo namang mga pinatalikod ang aking mga kaaway sa akin,  
Upang aking maihwalay silang napopoot sa akin.
- 41 Sila'y humihyaw, nguni't walang magligtas:  
Sa PANGINOON, nguni't hindi niya sinasagot sila.
- 42 Ng magkagayo'y aking dinudurog sila na parang alabok sa harap ng hangin:  
Aking inihagis sila na parang dumi sa mga lansangan.
- 43 Iniligtas mo ako sa mga pakikipagtalos sa bayan;  
Iyong ginawa ako na pangulo ng mga nasyon:  
Isang bayan na hindi ko nakikilala ay maglilingkod sa akin.
- 44 Pagkarinig nila sa akin ay susundin nila ako:  
Ang mga taga ibang lupa ay magsisiksuko sa akin.
- 45 Ang mga taga ibang lupa ay mgatutuyo,  
At sila'y lalabas na naninginig mula sa kanilang mga taguang lugar.
- 46 Ang PANGINOON ay buhay; at maging mapalad nawa ang aking malaking bato;  
At matataas ang Dios ng aking kaligtasan:
- 47 Ang Dios na iginaganti ko,  
At nagpapasuko ng mga bayan sa akin.
- 48 Kaniyang tinutubos ako sa aking mga kaaway:  
Oo, itinataas mo ako sa mga bumabangon laban sa akin:  
Iyong iniligtas ako sa mandadahas na lalaki.
- 49 Kaya't ako'y magpapasalamat sa iyo,  
Oh PANGINOON, sa gitna ng mga nasyon,  
At sawit ako ng mga pagpupuri sa iyong pangalan.

50 Dakilang kaligtasan ay ibinibigay niya sa kaniyang hari;  
At nagpapakita ka ng kagandahang-loob sa kaniyang pinahiran,  
Kay David at sa kaniyang binhi, nagpakailan man.

### 19 Sa Punong Musiko. Awit ni David.

- 1 Inihahayag ng mga langit ang kaualhatian ng Dios;  
At ipinakikilala ng kalawakan ang gawa ng kaniyang kamay.
- 2 Sa araw araw ay nagsasalita,  
At sa gabi gabi ay nagpapakilala ng kaalaman.
- 3 Walang salita o wika man;  
Ang kanilang voces ay hindi marinig.
- 4 Ang kanilang hugong ay lumabas sa boong lupa,  
At ang kanilang mga salita ay hanggang sa wakas ng sanglibutan.  
Sa kanila inilagay niya ang tahanan para sa araw,
- 5 Na parang novio na lumalabas mula sa kaniyang silid,  
At nagagalak na parang malakas na tawo na tatakbo ng kaniyang takbo.
- 6 Ang kaniyang paglabas ay mula sa wakas ng langit,  
At ang kaniyang bilog ay sa mga wakas noon:  
At walang bagay na nakukubli sa kaniyang pag-iinit.
- 7 Ang kautusan ng PANGINOON ay sakdal, na nag-uuli sa kalulua:  
Ang patotoo ng PANGINOON ay tunay, na nagpapapantas sa hangal.
- 8 Ang mga utos ng PANGINOON ay matuid, na nagpapagalak sa puso:  
Ang utos ng PANGINOON ay dalisay, na nagpapaliwanag ng mga mata.
- 9 Ang takot sa PANGINOON ay malinis, na nagpapatigas magpakailan man:  
Ang mga kahatulan ng PANGINOON ay katotohanan, at lubos na banal.
- 10 Mga pinipitang higit kay sa ginto, oo, higit na makapupo kay sa dalisay na ginto:  
Lalong matamis kay sa pulot, at sa pulutan.
- 11 Bukod dito'y sa pamamag-itan nila ay napagpaunahan ang iyong alipin:  
Sa pag-iingat sa kanila ay may malaking kagantihan.

12 Sinong makapagbubulay ng kaniyang mga kamalian?

Linawin mo ako sa mga kubling kamalian.

13 Italikod mo ang iyong alipin naman sa mga kapalalulang sala;

Huag mo silang bigyan ng pagsakop sa akin; kung magkagayo'y magiging sakdal ako,

At magiging malinis ako sa malaking pagsalangsang.

14 Maging nakalulugod ang mga salita ng aking bibig, at ang pagbubulay ng aking puso sa iyong paningin,

Oh PANGINOON, na aking burol, at manunubos sa akin.

### 20 Sa Punong Musiko. Awit ni David.

1 Ang PANGINOON ay sumasagot sa iyo sa kaarawan ng kabagabagan;

Itaas ka sa mataas ng pangalan ng Dios ni Jakob;

2 Magsugo ka ng saklolo mula sa santuario,

At palakasin ka mula sa Zion;

3 Alalahanin ang lahat ng iyong handog, At tangapin niya ang iyong mga haying sinunog; [Selah

4 Pagkalooban ka ng nais ng iyong puso, At tuparin mo ang lahat ng iyong akala.

5 Kami ay magtatagumpay sa iyong kaligtasan,

At sa pangalan ng aming Dios ay aming itataas ang aming mga bandila:

Tuparin ng PANGINOON ang lahat ng iyong hingi.

6 Talastas ko ngayon na inililigtas ng PANGINOON ang kaniyang pinahiran;

Sasagutin niya siya mula sa kaniyang santong langit

Ng pangligtas na kalakasan ng kaniyang kapang kamay.

7 Ang iba ay umaasa sa mga karro, at ang iba ay sa mga kabayo:

Nguni't babangitin namin ang pangalan ng PANGINOONG aming Dios.

8 Sila'y nangakasubsob at bual:  
Nguni't kami ay nagbangon at nakatayo na matuid.

9 Magligtas ka, PANGINOON:

Sagutin kami ng Hari pagka kami ay tumatawag.

## 21 *Sa Punong Musiko. Awit ni David.*

- 1 Ang hari ay magagalak sa iyong kalakasan, Oh PANGINOON;  
At sa iyon pagligtas; ; gaanong kalaki ang ikagalak niya!
- 2 Ibingay mo sa kaniya ang nais ng kaniyang puso,  
At hindi mo ikinait ang hiling ng kaniyang mga labi. [Selah]
- 3 Sapagka't iyong sinalubong siya ng mga kapalaran ng mabuting bagay: Iyong pinuputungan ng isang korona na dalisay na ginto ang kaniyang ulo.
- 4 Siya'y humihingi ng buhay sa iyo, iyong binigyan siya;  
Ang kabahaan ng mga araw magpakailan pa man.
- 5 Ang kaniyang kalualhatian ay malaki sa iyong pagligtas:  
Karangalan at kamahalan ay inilalaga mo sa kaniya.
- 6 Sapagka't ginagawa mo siyang pinakamapalad magpakailan man:  
Iyong pinasasaya siya ng kagalakan sa iyong harap.
- 7 Sapagka't ang hari ay umaasa sa PANGINOON,  
At sa kagandahang-loob ng Kataastasan ay hindi siya makikilos.
- 8 Masusumpungan ng iyong kamay ang lahat ng iyong kaaway:  
Masusumpungan ng iyong kanan yaong nangapopoot sa iyo.
- 9 Iyon gagawin sila na parang mainit na hurno ng iyong galit.  
Gigibain sila ng PANGINOON sa kaniyang pag-iinit,  
At susupukin sila ng apoy.
- 10 Ang kanilang bunga ay iyong lilipulin mula sa lupa,  
At ang kanilang binhi ay sa gitna ng mga anak ng tawo.
- 11 Sapagka't sila'y nag-aakala ng kasamanan laban sa iyo:  
Sila'y nag-isip ng katha na hindi nila matutupad.
- 12 Sapagka't iyong mga patatalikurin sila.  
Ikaw ay maghahanda ng iyong mga taling-bosog laban sa mukha nila.
- 13 Mataas ka, Oh PANGINOON, sa iyong kalakasan:  
Sa gayo'y aming aawitin at pupurihin ang iyong kapangyarihan.

## 22 *Sa Punong Musiko; Inihanda sa Usa ng buking livayway. Awit ni David.*

- 1 Dios ko, Dios ko, ¿bakit mo ako kinalimutan?  
¿Bakit ikaw ay napakalayo sa pagtulong sa akin, at sa mga salita ng aking angal?
- 2 Oh Dios ko, ako'y humihiyaw sa araw, nguni't hindi mo ako sinasagot;  
At sa kinagabihan, at hindi ako tahimik.
- 3 Nguni't ikaw ay santo,  
Oh ikaw na tumataban sa mga pagpuri ng Israel.
- 4 Ang aming mga magulang ay umasa sa iyo:  
Sila'y umasa, at iyong mga iniligtas.
- 5 Sila'y dumaing sa iyo at nangaligtas:  
Sila'y umasa sa iyo, at hindi nangapahiya.
- 6 Nguni't ako'y uod at hindi tawo;  
Duahagi sa mga tawo, at niwalang kabuluhan ng bayan.
- 7 Silang lahat na nakakita sa akin ay tinawanan na mainam ako:  
Inilalawit nila ang labi, iginagalaw nila ang ulo, na sinasabing,
- 8 Magpakatiwala ka sa PANGINOON; iligtas niya siya:  
Iligtas niya siya sa paraang kinaluluguran niya siya.
- 9 Nguni't ikaw ang kumuha sa akin sa bahay-bata:  
Pinaasa mo ako ng ako'y nasa mga suso ng aking ina.
- 10 Ako'y nahagis sa iyo mula sa bahay-bata:  
Ikaw ay aking Dios mula sa tiyan ng aking ina.
- 11 Huag mo akong layuan; sapagka't kabagabagan ay malapit;  
Sapagka't walang tumulong.
- 12 Kinulong ako ng maraming toro;  
Mga malakas na toro sa Basan ay kumulong sa akin.
- 13 Sila'y namumualan sa akin ng kanilang bibig,  
Na parang sumasakmal at umuungal na leon.
- 14 Ako'y nabuhos na parang tubig,  
At lahat ng aking buto ay nagkakahiwalay:  
Ang aking puso ay parang pagkit;  
Natutunaw sa gitna ng aking tiyan.
- 15 Ang aking kalakasan ay natuyo na parang paliok;  
At ang aking dila ay dumidikit sa aking ngalangala;



- At dinala mo ako sa alabok ng kama-  
tayan.
- 16 Sapagka't kinulong ako ng mga aso :  
Kinubkub ako ng kapisanan ng mga  
mangagawa ng masama ;  
Binutasan nila ang aking mga kamay  
at aking mga paa.
- 17 Aking maisasaysay ang lahat ng aking  
mga buto ;  
Kanilang minamasdan, at binubulay  
ako ;
- 18 Hinapak nila ang aking mga kasuotan  
sa gitna nila,  
At kanilang pinagsapalarang laro ang  
aking kasuotan.
- 19 Ngunit huag kang lumayo, Oh PAN-  
GINOON :
- Oh ikaw na aking saklolo magmadali  
kang tulongan mo ako.
- 20 Iligtas mo ang aking kalulua sa tabak ;  
Ang aking bugtong sa kapangyarihan  
ng aso.
- 21 Iligtas mo ako sa bibig ng leon ;  
Oo, mula sa mga sungay ng mabangis  
na toro ay sinagot mo ako.
- 22 Aking ihahayag ang iyong pangalan  
sa aking mga kapatid :  
Sa gitna ng kapulungan ay pupurihin  
kita.
- 23 Kayong natatakot sa PANGINOON ay  
pumuri sa kaniya ;  
Kayong lahat na binhi ni Jakob ay  
lumualhati sa kaniya ;  
At tumayong may takot sa kaniya,  
kayong lahat na binhi ng Israel.
- 24 Sapagka't hindi niya niwalang kabulu-  
han o kinapootan man ang karali-  
taan ng maralita ;  
O ikinubli man niya ang kaniyang  
mukha sa kaniya ;  
Ngunit ng siya'y dumaing sa kaniya,  
kaniyang dininig.
- 25 Sa iyo nangagaling ang aking pagpuri  
sa malaking kapulungan :  
Aking tutuparin ang aking mga panata  
sa harap nila na natatakot sa ka-  
niya.
- 26 Ang mapagpakumbaba ay kakain at  
mabusog ;  
Kanilang pupurihin ang PANGINOON  
na humahanap sa kaniya ;  
Mabuhay ang iyong puso magpakailan  
man.
- 27 Lahat ng wakas ng lupa ay makakaa-  
lala, at magbabalik sa PANGINOON :  
At lahat ng kamag-anakan sa mga  
nacion ay sasamba sa harap mo :

28 Sapagka't ang kaharian ay sa PAN-  
GINOON :

At siya ang puno sa mga nacion.

29 Lahat na mataba sa lupa ay kakain, at  
sasamba :

Silang lahat na bumababa sa alabok  
ay yuyukod sa harap niya,  
Sa makatuid baga'y ang hindi maka-  
pag-ingat na buhay ng kaniyang  
kalulua.

30 Isang binhi ay maglilingkod sa ka-  
niya ;

Sasaysayin sa Panginoon hangang sa  
*susunod na lahi.*

31 Sila'y paroroon at maghahayag ng ka-  
niyang kabanalan,  
Sa bayan na ipangananak ay *ibabalita*,  
na kaniyang ginawa.

## 23

*Awit ni David.*

1 Ang PANGINOON ay aking pastor ;  
hindi ako magkakailangan.

2 Kaniyang pinahihiga ako sa sariwang  
parabsaban :

Pinapatnubayan niya ako sa siyang ng  
mga tubig na pahingahan.

3 Kaniyang binubuhay ang aking kalu-  
lua :

Pinapatnubayan niya ako sa mga lan-  
das ng kabanalan dahil sa kaniyang  
pangalan.

4 Oo, baga man ako'y lumalakad sa libis  
ng lilim ng kamatayan,

Wala akong katatakutang kasam-an ;  
sapagka't ikaw ay sumasa akin :

Ang iyong pinga at ang iyong tung-  
kod, umaliw sa akin.

5 Iyong pinaghahandaan ako ng dulang  
sa harap ko sa harap ng aking mga  
kaaway ;

Iyong pinalihiran ang aking ulo ng la-  
ngis ; ang aking kopa ay umaapaw.

6 Walang pagsalang kabutihán at kaa-  
waan ay susunod sa akin lahat ng  
araw ng aking buhay :

At ako'y tatahan sa bahay ng PAN-  
GINOON magpakailan man.

## 24

*Awit ni David.*

1 Ang lupa ay sa PANGINOON, at ang  
nandoon ;

Ang sanglibutan, at silang tumatahan  
doon.

2 Sapagka't itinatag niya sa mga dagat,  
At itinatayo sa mga bahá.

- 3 ¿Sinong sasampa sa burol ng PANGINOON?  
¿At sinong tatayo sa kaniyang santong lugar?
- 4 Siyang may malinis na mga kamay at may dalisay na puso;  
Na hindi nagtaas ng kaniyang kalulua sa walang kabuluhan,  
At hindi sumumpa na may karayaan.
- 5 Siya'yatangap ng pagpapala sa PANGINOON,  
At ng kabanalan sa Dios ng kaniyang kaligtasan.
- 6 Ito ang lahí ng mga humahanap sa kaniya,  
Na humahanap ng iyong mukha, Oh *Dios ni Jakob.* [Selah
- 7 Itaas ninyo ang inyong mga ulo, Oh kayong mga pintuang-daan;  
At kayo'y mgataas, kayon mga walang hangang pintuan:  
At ang Hari ng kalualhatian ay papsok.
- 8 ¿Sino ang Hari ng kalualhatian?  
Ang PANGINOONG malakas at makapangyarihan,  
Ang PANGINOONG makapangyarihan sa pagbabaka.
- 9 Itaas ninyo ang inyong mga ulo, Oh kayong mga pintuang-daan;  
Oo, magsitaas kayo, kayong mga walang hangang pintuan:  
At ang Hari ng kalualhatian ay papsok.
- 10 ¿Sino itong Hari ng kalualhatian?  
Ang PANGINOON ng mga bukbo,  
Siya ang Hari ng kalualhatian. [Selah

## 25

*Awit ni David.*

- 1 Sa iyo, Oh PANGINOON, itinataas ko ang aking kalulusa.
- 2 Oh Dios ko, sa iyo'y umasa ako,  
Huag akong mapahiya;  
Huag magtagumpay sa akin ang aking mga kaaway.
- 3 Oo, walang naghihintay sa iyo na mapapahiya;  
Sila'y mapapahiya na gumagawa ng karayaan na walang kadahilanan.
- 4 Ituro mo sa akin ang iyong mga daan, Oh PANGINOON;  
Ituro mo sa akin ang iyong mga landas.
- 5 Patnubayan mo ako sa iyong katotohanan, at ituro mo sa akin;

- Sapagka't ikaw ay Dios ng aking kaligtasan;  
Sa iyo'y naghihintay ako lahat ng araw.
- 6 Iyong alalahanin, Oh PANGINOON, ang iyong malambot na mga kaawaan, at ang iyong kagandahang-loob;  
Sapagka't mga naging walang hangan mula ng una.
- 7 Huag mong alalahanin ang mga kasalanan ng aking kabataan, o ang akin man mga pagsalangsang:  
Ayon sa iyong kagandahang-loob ay alalahanin mo ako,  
Dahil sa iyong kabutihan, Oh PANGINOON.
- 8 Mabuti at matuid ang PANGINOON:  
Kaya't magtuturo siya ng mga makasalanan sa daan.
- 9 Ang maamo ay papatnubayan niya sa kahatulan:  
At ituturo niya sa maamo ang daan niya.
- 10 Lahat na landas ng PANGINOON ay kagandahang-loob at katotohanan  
Sa mga gayon na nag-iingat ng kaniyang tipan at kaniyang mga patotoo.
- 11 Dahil sa iyong pangalan, Oh PANGINOON,  
Iyong ipatawad ang aking kasaman-an, sapagka't malaki.
- 12 ¿Sinong tawo ang natatakot sa PANGINOON?  
Siya niyang tuturuan ng daan na kaniyang pipiliin.
- 13 Ang kaniyang kalulua ay tataan sa kaginhawahan;  
At mamanahin ng kaniyang binhi ang lupain.
- 14 Ang libim ng PANGINOON ay nasa mga natatakot sa kaniya;  
At ipakikilala niya sa kanila ang kaniyang tipan.
- 15 Ang aking mga mata ay palaging nasa dako ng PANGINOON;  
Sapagka't bubunutin niya ang aking mga paa sa silo.
- 16 Magbalik ka sa akin, at maawa ka sa akin;  
Sapagka't ako'y giba at maralita.
- 17 Ang kabagabagan ng aking puso ay lumaki:  
Oh ilabas mo ako sa aking kapanlawan.
- 18 Pakundanganan mo ang aking pagkapihati at aking damdam;  
At ipatawad mo ang lahat na aking kasalanan.

- 19 Masdan mo ang aking mga kaaway, sapagka't sila'y marami;  
At kinapopootan nila ako ng mabagsik na kapootan.
- 20 Oh ingatan mo ang aking kalulua, at iyong iligtas ako:  
Huag akong mapahiya, sapagka't inilalagak ko ang aking pag-asa sa iyo.
- 21 Mag-ingat sa akin ang pagtatapat at katuiran,  
Sapagka't hinihintay kita.
- 22 Tubusin mo ang Israel, Oh Dios,  
Sa lahat na kaniyang kabagabagan.

## 26

*Awit ni David.*

- 1 Iyong hatulan ako, Oh PANGINOON, sapagka't ako'y lumakad sa aking pagtatapat:  
Ako naman ay umasa sa PANGINOON, na walang bulay-bulay.
- 2 Mag-usisa ka sa akin, Oh PANGINOON, at iyong tikman ako;  
Subukin mo ang aking mga akala at ang aking puso.
- 3 Sapagka't ang iyong kagandahang-loob ay nasa harap ng aking mga mata:  
At ako'y lumakad sa iyong katotohanan.
- 4 Hindi ako naupo na kasama ng mga walang kabuluhang tawo;  
O papasok man ako na kasama ng mga mapagpakunuari.
- 5 Aking kinapopootan ang kapulungan ng mga mangagawa ng kasam-an,  
At hindi ako uupo na kasama ng masama.
- 6 Aking huhugasan ang aking mga kamay sa kawalaang-malay;  
Sa gayo'y aking lilibirin ang iyong altar, Oh PANGINOON:
- 7 Upang aking maiparinig ang voces ng pagpapasalamat,  
At saysayin ang lahat na iyong kagilagilalas na mga gawa.
- 8 PANGINOON, aking iniibig ang tahanan ng iyong bahay,  
At ang lugar na tinatahanan ng iyong kalualhatian.
- 9 Huag mong isama ang aking kalulua sa mga makasalanan,  
O ang aking buhay man sa mga mabagsik na lalaki:
- 10 Na ang mga kamay ay kinaroroonan ng kasam-an,  
At ang kanilang kanan ay puno ng suhol.

- 11 Ngunit tungkol sa akin ay lalakad ako sa aking pagtatapat:  
Iyong tubusin ako, at maging mahabagin ka sa akin.
- 12 Ang aking paa ay nakatayo sa isang patag na lugar:  
Sa mga kapulungan ay pupurihin ko ang PANGINOON.

## 27

*Awit ni David.*

- 1 Ang PANGINOON ay aking liwanag, at aking kaligtasan; ¿Sinong aking katatakutan?  
Ang PANGINOON ay katibayan ng aking buhay; ¿sinong aking kasisindakan?
- 2 Ng dumating sa akin ang mga mangagawa ng kasam-an upang kanin ang aking laman,  
Ang aking mga kaaway at aking mga kaalit, sila'y nadulas at nabual.
- 3 Baga man ang isang hukbo ay nagtayo ng kamento laban sa akin,  
Hindi matatakot ang aking puso:  
Baga man ang pagbabaka ay bumangon, laban sa akin,  
Dito ma'y aasa ako.
- 4 Isang bagay ang hiningi ko sa PANGINOON, na aking hahanapin;  
Na ako'y makatahan sa bahay ng PANGINOON, lahat ng araw ng aking buhay,  
Upang mamasdan ang kagandahan ng PANGINOON, at mag-usisa sa kaniyang templo.
- 5 Sapagka't sa kaarawan ng kabagabagan ay iingatan niya ako na lihim sa kaniyang tahanan:  
Sa puang ng kaniyang tabernakulo ay ikukubli niya ako;  
Kaniyang itataas ako sa ibabaw ng burol.
- 6 At ngayo'y matataas ang aking ulo sa aking mga kaaway sa palibot ko;  
At ako'y maghahandog sa kaniyang tabernakulo ng mga hayin ng kagallakan;  
Ako'y sawit, oo, ako'y sawit ng mga pagpuri sa PANGINOON.
- 7 Dingin mo, Oh PANGINOON, pagka ako'y sumisigaw ng aking voces:  
Maawa ka rin sa akin, at sagutin mo ako.
- 8 *Ni iyong sabihing,* Hanapin ninyo ang aking mukha; ang aking puso ay nagsabi sa iyo,

- Ang iyong mukha, PANĠNOON, hanapin ko.
- 9 Huag mong ikubli ang iyong mukha sa akin;  
Huag mong ihiwalay ang iyong alipin sa galit:  
Ikaw ay naging aking saklolo;  
Huag mo akong itakuil, o pabayaan man, Oh Dios ng aking kaligtasan.
- 10 Sapagka't pinabayaan ako ng aking ama at ng aking ina,  
Nguni't dadamputin ako ng PANĠNOON.
- 11 Ituro mo sa akin ang iyong daan, Oh PANĠNOON;  
At patubayan mo ako sa patag na landas,  
Dahil sa aking mga kaaway.
- 12 Huag mo akong ibigay sa kalooban ng aking mga kaaway:  
Sapagka't mga sinungaling na saksi ay nagbangon laban sa akin, at ang mga humihinga ng kataksilan.
- 13 Ako sana'y nanglupaypay kungdi ko pinaniwalaang makita ang kabutihan ng PANĠNOON  
Sa lupain ng may buhay.
- 14 Maghintay ka sa PANĠNOON:  
Ikaw ay magpakalakas, at magdalang tapang ang iyong puso;  
Oo, maghintay ka sa PANĠNOON.

## 28

*Awit ni David.*

- 1 Sa iyo Oh PANĠNOON, tatawag ako;  
Buro! ko, huag kang magpakabingi sa akin:  
Baka kung ikaw ay tumahimik sa akin,  
Ako'y maging gaya nila na bumaba sa hukay.
- 2 Dingin mo ang voces ng aking mga pamanhik, pagka ako'y dumaing sa iyo,  
Pagka aking itinaas ang aking mga kamay sa dako ng iyong santong orakulo.
- 3 Huag mo akong agawin na kasama ng mga masama,  
At kasama ng mga mangagawa ng kasam-an;  
Na nagsasalita ng kapayapaan sa kanilang mga kapua,  
Nguni't kasam-an ay nasa kanilang mga puso.
- 4 Bigyan mo sila ayon sa kanilang gawa, at ayon sa kasam-an ng kanilang mga gawa:

- Gantihin mo sila ayon sa kilos ng kanilang mga kamay;  
Bayaran mo sila ng ukol sa kanila.
- 5 Sapagka't ayaw nilang talimahin ang mga gawa ng PANĠNOON,  
O ang kilos man ng kaniyang mga kamay,  
Kaniyang mga ibabagsak, at hindi mga itatayo.
- 6 Purihin ang PANĠNOON,  
Sapagka't dininig niya ang voces ng aking mga pamanhik.
- 7 Ang PANĠNOON ay aking katibayan at kalasag;  
Ang aking puso ay umasa sa kaniya, at ako'y nasaklolohan:  
Kaya't ang aking puso ay nagagalak na mainam;  
At aking pupurihin siya ng aking awit.
- 8 Ang PANĠNOON ay kanilang katibayan,  
At siya'y kuta ng kaligtasan sa kaniyang pinahiran.
- 9 Iligtas mo ang iyong bayan, at pagpalain mo ang iyong mana:  
Pakanin mo naman sila, at itaas mo sila magpakailan man.

## 29

*Awit ni David.*

- 1 Magbigay kayo sa PANĠNOON, Oh kayong mga anak ng makapangyarihan,  
Magbigay kayo sa PANĠNOON ng kalualhatian at kalsakan.
- 2 Ibigay niyo sa PANĠNOON ang kalualhatian marapat sa kaniyang pangalan;  
Inyong sambahin ang PANĠNOON sa kagandahan ng kasantosan.
- 3 Ang voces ng PANĠNOON ay nasa ibabaw ng mga tubig:  
Ang Dios ng kalualhatian ay kumukulog,  
Ang PANĠNOON sa ibabaw ng maraming tubig.
- 4 Ang voces ng PANĠNOON ay makapangyarihan;  
Ang voces ng PANĠNOON ay puno ng kamahalan.
- 5 Ang voces ng PANĠNOON ay bumabali ng mga cedro;  
Oo, binabali ng PANĠNOON na pirapiraso ang mga cedro sa Lebano.
- 6 Kaniya namang mga pinalulukso na parang guya;

- Lebano at Sirion ay parang mabangis na guyang baka.
- 7 Humihiwa ng liab ng apoy ang voces ng PANGINOON.
- 8 Inuuga ng voces ng PANGINOON ang ilang;
- Inuuga ng PANGINOON ang ilang ng Kades.
- 9 Pinapanganganak ng voces ng PANGINOON ang mga usa,  
At hinuhubdan ang mga gubat:  
At sa kaniyang templo ay nagsasabi lahat ng bagay, Kalualhatian.
- 10 Ang PANGINOON ay naupo na parang hari sa Baha;  
Oo, ang PANGINOON ay nautpong parang hari magpakailan man.
- 11 Ang PANGINOON ay magbibigay ng kalakasan sa kaniyang bayan;  
Pagpapalain ng PANGINOON ang kaniyang bayan ng kapayapaan.

### 30 *Isang awit; Awit sa Pagtatalaga ng Bahay; Awit ni David.*

- 1 Itataas kita, Oh PANGINOON; sapagka't itinindig mo ako,  
At hindi mo pinagalak sa akin ang aking mga kaaway.
- 2 Oh PANGINOONG aking Dios,  
Dumaing ako'y sa iyo, at ako pinagaling mo.
- 3 Oh PANGINOON, iyong isinampa ang aking kalulua mula sa libingan:  
Iyong iningatan akong buhay, upang huag akong bumaba sa hukay.
- 4 Umawit kayo ng pagpuri sa PANGINOON, Oh kayong mga santo niya,  
At magpasalamat kayo sa kaniyang santong pangalan.
- 5 Sapagka't ang kaniyang galit ay sandali lamang;  
Nasa kaniyang biyaya ang buhay:  
Pag-iyak ay makatatagal ng magdamag,  
Ngunit kagalakan ay dumarating sa kinaumagahan.
- 6 Tungkol sa akin, sinabi ko sa aking kaginhawahan,  
Hindi ako makikilos kailan man.
- 7 Ikaw, PANGINOON, sa iyong biyaya ay pinatayo mong matibay ang aking bundok:  
Iyong ikinubli ang iyong mukha;  
ako'y nabagabag.
- 8 Ako'y dumaing sa iyo, Oh PANGINOON;

- At sa PANGINOON ay gumawa ako ng pamahik:
- 9 Anong pakinabang mairoon sa aking dugo, pagka ako'y bumaba sa hukay?  
Pupuri ba sa iyo ang alabok? mag-sasaysay ba ng iyong katotohanan?
- 10 Iyong dingin, Oh PANGINOON, at maawa ka sa akin:  
PANGINOON, maging saklolo kita.
- 11 Iyong pinapaging sayaw sa akin ang aking tangis;  
Iyong kinalag ang aking kayong magaspang, at binigkisan mo ako ng kasayahan:
- 12 Kaya't ako'y umawit ng pagpupuri sa iyo, at hindi tumahimik:  
Oh PANGINOONG aking Dios, ako'y magpapasalamat sa iyo magpakailan man.

### 31 *Sa Funong Musiko; Awit ni David.*

- 1 Sa iyo, Oh PANGINOON, inilalagak ko ang aking pag-asa; huag akong mapahiya kailan man:  
Iligtas mo ako sa iyong kabanalan.
- 2 Ikiling mo ang iyong pakinig sa akin; iligtas mo ako na maliksi:  
Maging matibay na burol ka sa akin, bahay na sangalangan upang iligtas ako.
- 3 Sapagka't ikaw ang aking burol, at aking kuta;  
Dahil nga sa iyong pangalan ay papatnugutan mo ako, at papatnubayan mo ako.
- 4 Alisin mo ako sa silo na kanilang inilagay na lihim para sa akin;  
Sapagka't ikaw ang aking katibayan.
- 5 Sa iyong kamay ay inihabilin ko ang aking espiritu:  
Iyong tinubos ako, Oh PANGINOON, ikaw na Dios ng katotohanan.
- 6 Aking kinapopootan ang mga nagmamasad ng mga walang kabuluhan karayaan:  
Ngunit umaasa ako sa PANGINOON.
- 7 Ako'y matutua at magagalak sa iyong kaawaan:  
Sapagka't iyong nakita ang aking kadalambhatian;  
Iyong nakilala ang aking kalulua sa mga kapighatian:
- 8 At hindi mo ako kinulong sa kamay ng kaaway;  
Iyong inilagay ang aking mga paa sa malaking lugar.

- 9 Maawa ka sa akin, Oh PANGINOON, sapagka't ako'y nasa kadalambhatian: Ang aking mata ay namumugto sa kapanlawan, *co*, ang aking kalulua, at aking katawan.
- 10 Sapagka't ang aking buhay ay napupugnaw sa kapanlawan, at ang aking mga taon ay sa pagbubuntong hinanga:  
Ang aking lakas ay nanglulupaypay dahil sa aking kasam-an, at ang aking mga buto ay natutunaw.
- 11 Dahil sa lahat ng aking mga kaaway ay naging kaduahagihan ako, Oo, lubha nga sa aking mga kapua, at takot sa aking mga kakilala:  
Silang nakakita sa akin sa labas ay tinakasan ako.
- 12 Ako'y nilimot sa pag-iisip na parang patay na tawo:  
Ako'y parang basag na sisidlan.
- 13 Sapagka't aking narinig ang sabi-sabi ng marami,  
Kakilabutan sa lahat ng dako:  
Samantalang sila'y nagsasanguniang magkakasama laban sa akin,  
Kanilang pinagsisikapang alisin ang aking buhay.
- 14 Nguni't umasa ako sa iyo, Oh PANGINOON:  
Aking sinabing, Ikaw ay aking Dios.
- 15 Ang aking mga panahon ay nasa iyong kamay:  
Iligtas mo ako sa kamay ng aking mga kaaway, at sa mga humahabol sa akin.
- 16 Iyong pasilangin ang iyong mukha sa iyong alipin:  
Iligtas mo ako sa iyong kagandahang-loob.
- 17 Huag akong mapahiya, Oh PANGINOON; sapagka't ako'y tumawag sa iyo:  
Mapahiya ang masama, tumahimik sila sa libingan.
- 18 Mapipi ang mga sinungaling na labi;  
Na nagsasalita laban sa banal, ng kabastusan,  
Ng kapalaluan at pagwalang kabuluhan.
- 19 | Oh pagkalaki ng iyong kabutihan, na iyong iningatan para sa kanila na natatakot sa iyo,  
Na iyong ginawa sa kanila na naglalak ng kanilang pag-asa sa iyo sa harap ng mga anak ng tawo!
- 20 Sa lihim sa iyong mukha ay iyong

ikukubli sila sa mga banta ng mga lalaki:

Iyong iningatan silang lihim sa tahanan sa mga talas ng mga dila.

- 21 Purihin ang PANGINOON:  
Sapagka't ipinakilala niya sa akin ang kaniyang kagilagilalas na kagandahang-loob sa isang matibay na ciudad.
- 22 Tungkol sa akin, sinabi ko sa aking pagmamadali: Nahiwalay ako sa harap ng iyong mga mata:  
Gayon ma'y dininig mo ang voces ng aking mga pamanhik ng ako'y dumainang sa iyo.
- 23 Oh ibigin niyong ang PANGINOON, kayong lahat na santo niya:  
Pinalalagi ng PANGINOON ang tapat, At ginagantihang lubos ang hambog.
- 24 Ikaw ay magpakalakas, at magdalang tapang ang iyong puso,  
Kayong lahat na umaasa sa PANGINOON.

## 32

*Awit ni David. Maskil.*

- 1 Mapalad siyang pinatawad ng pagsalangsang, na tinakpan ang kasalanan.
- 2 Mapalad ang tawo na hindi paratangan ng kasam-an ng PANGINOON,  
At walang pagdaraya ang espiritu.
- 3 Ng ako'y tumatahimik ay nangaluma ang aking mga buto  
Dahil sa aking pag-ungal boong araw.
- 4 Sapagka't araw at gabi ay mabigat sa akin ang iyong kamay:  
Ang aking kasariwaan ay naging katuyuan ng taginit. [Selah]
- 5 Aking ipinakilala ang aking kasalanan sa iyo, at ang aking kasam-an ay hindi ko ikinubli:  
Aking sinabing: Aking sasaysayin ang aking pagsalangsang sa PANGINOON;  
At iyong ipinatawad ang kasam-an ng aking kasalanan. [Selah]
- 6 Dahil dito'y dadalangin sa iyo ang lahat na banal sa panahong masumpungan ko:  
Tunay na pagka ang mga malaking tubig ay umaagos ay hindi aabutan nila siya.
- 7 Ikaw ay aking kublihang lugar; iyong iningatan ako sa kabagabagan;  
Iyong kukulungin ako sa palibot ng mga awit ng kaligtasan. [Selah]

- 8 Aking ipaalam sa iyo at ituturo sa iyo ang daan na iyong lalakaran: Papayuhan kita ng aking mata, sa iyo'y *titilig ako*.
- 9 Huag kayong maging parang kabayo, o parang mula na walang kaalaman: Na marapat igayak ng bocada at ng paningkaw upang ipangpigil sa kanila, *Bukod dito'y hindi sila lalapit sa iyo*.
- 10 Maraming kapanlawan ay sasa masama: Nguni't siyang umaasa sa PANGINOON, kaawaan ang kukulong sa kaniya sa palibot.
- 11 Kayo'y matua sa PANGINOON, at magalak kayo, kayong mga banal: At sumutsot kayo ng kagalakan, kayong lahat na matuid sa puso.
- 33** Magalak kayo sa PANGINOON, Oh kayong mga banal: Pagpuri ay maganda para sa matuid.
- 2 Kayo'y magpasalamat sa PANGINOON na may alpa: Umawit kayo ng mga pagpuri sa kaniya na may salterio na sampuon cuerdas.
- 3 Umawit kayo sa kaniya ng bagong awit; Tumugtog kayong matalino na may malaking ingay.
- 4 Sapagka't ang salita ng PANGINOON ay matuid; At lahat niyang gawa ay sa pagtatapat.
- 5 Iniibig niya ang kabanalan at kahatulan: Ang lupa ay puno ng kagandahang-loob ng PANGINOON.
- 6 Sa pamamag-itan ng salita ng PANGINOON ay nayari ang mga langit; At lahat ng hukbo nila ay sa pamamag-itan ng hinga ng kaniyang bibig.
- 7 Kaniyang pinipisan ang mga tubig ng dagat na parang isang bunton: Inilalagay niya ang mga kalaliman sa mga kamalig.
- 8 Matakot ang boong lupa sa PANGINOON: Tumayo na may katakutan sa kaniya ang lahat ng mga mananahan sa sanglibutan.
- 9 Sapagka't siya'y nagsalita, at nangyari, Siya'y nag-utos, at tumayong madali.
- 10 Dinadala ng PANGINOON ang payo ng mga nacion sa wala: Kaniyang niwawalan ng mabuting wakas ang mga pag-iisip ng mga bayan.
- 11 Ang salita ng PANGINOON ay tumatayong matibay magpakailan man, Ang mga pag-iisip ng kaniyang puso sa lahat ng lahi.
- 12 Mapalad ang nacion na ang Dios ay ang PANGINOON; Ang bayan na kaniyang pinili para sa kaniyang sariling mana.
- 13 Ang PANGINOON ay tumitingin mula sa langit; Kaniyang minamasdan ang lahat na anak ng mga tawo;
- 14 Mula sa lugar ng kaniyang tahanan ay tumitingin siya Sa lahat na mananahan sa lupa;
- 15 Siyang lumilikha ng mga puso nilang lahat, Na nagmamasid sa lahat nilang mga gawa.
- 16 Walang hari na nakaliligtas sa pamamag-itan ng karamihan ng hukbo: Ang makapangyarihang tawo ay hindi naliligtas sa pamamag-itan ng malaking kalakasan.
- 17 Ang kabayo ay walang kabuluhang bagay sa kaligtasan: O makapagligtas man ng sino man sa pamamag-itan ng kaniyang malaking kapangyarihan.
- 18 Narito, ang mata ng PANGINOON ay nasa kanila na natatakot sa kaniya, Sa kanila na umaasa sa kaniyang kaawaan;
- 19 Upang iligtas ang kanilang kalulua sa kamatayan, At upang ingatan silang buhay sa kagutom.
- 20 Hinintay ng aming kalulua ang PANGINOON: Siya'y aming saklolo at aming kalasag.
- 21 Sapagka't ang aming puso ay magagalak sa kaniya, Sapagka't kami ay umasa sa kaniyang santong pangalan.
- 22 Sumaamin ang iyong kaawaan, Oh PANGINOON, Ayon sa aming pag-asa sa iyo.
- 34** *Awit ni David; ng siya'y magpakunuarang ulol sa harap ni Abimelec, na siyang nagpalayas sa kaniya, at siya'y yumaon.*
- 1 Aking pupurihin ang PANGINOON sa lahat ng panahon:

- Ang kaniyang kapurihan ay laging sasa aking bibig.
- 2 Ang aking kalulua ay magsasaya sa PANGINOON :  
Didingin ng maamo at masasayahan.
- 3 Oh dakilain niyo ang PANGINOON na kasama ko,  
At tayo'y magtaas na magkakasama ng kaniyang pangalan.
- 4 Aking hinanap ang PANGINOON, at sinagot niya ako,  
At iniligtas niya ako sa lahat ng aking katakutan.
- 5 Sila'y tumingin sa kaniya, at mga paliwanagan :  
At ang kanilang mukha ay hindi magugulo kailan man.
- 6 Ang dukhang ito'y dumaing, at dininig siya ng PANGINOON,  
At iniligtas siya sa lahat niyang kabagabagan.
- 7 Ang angel ng PANGINOON ay tumatayo sa palibot ng mga tumatakot sa kaniya,  
At ipinagsasangalang sa kanila.
- 8 Oh kayo'y lumasa, at tingnan niyo na ang PANGINOON ay mabuti :  
Mapalad ang tawo na umaasa sa kaniya.
- 9 Oh matakot kayo sa PANGINOON, kayong mga santo niya :  
Sapagka't walang kakulangan sa kanila na natatakot sa kaniya.
- 10 Ang mga anak ng leon ay nangangailangan at nagtitiis ng gutom :  
Nguni't silang humahanap sa PANGINOON ay hindi mangangailangan ng ano mang mabuting bagay.
- 11 Pumarito kayo, kayong mga anak, dingin niyo ako :  
Aking tuturuan kayo ng pagkatakot sa PANGINOON.
- 12 Sinong tawo ang nagnanasa ng buhay,  
At umiibig sa maraming araw upang makakita siya ng mabuti?
- 13 Ingatan mo ang iyong dila sa kasaman,  
At ang iyong labi sa pagsasalita ng karayaan.
- 14 Lumayo ka sa kasaman, at gumawa ka ng mabuti ;  
Hanapin mo ang kapayapaan at habulin mo.
- 15 Ang mga mata ng PANGINOON ay nakatitig sa mga banal,  
At ang kaniyang mga pakinig ay nakabukas sa kaniyang daing.
- 16 Ang mukha ng PANGINOON ay laban sa kanila na gumagawa ng kasaman, Upang ihimalay ang alaala sa kanila sa lupa.
- 17 Ang banal ay dumaing, at dininig ng PANGINOON,  
At iniligtas sila sa lahat nilang kabagabagan.
- 18 Ang PANGINOON ay malapit sa kanila na may bagbag na puso,  
At iniligtas ang mga may pagsisising espiritu.
- 19 Marami ang kapighatian ng banal ;  
Nguni't iniligtas ng PANGINOON sa lahat.
- 20 Kaniyang iningatan ang lahat niyang mga buto :  
Wala isa man sa kanila na bali.
- 21 Papatayin ng kasaman ang masama :  
At silang napopoot sa banal ay parurusahan.
- 22 Tinutubos ng PANGINOON ang kalulua ng kaniyang mga alipin :  
At wala sa mga umaasa sa kaniya na mapaparusahan.

## 35

Awit ni David.

- 1 Paluin mo, Oh PANGINOON silang pumapalo sa akin :  
Bumaka ka laban sa kanila na bumabaka laban sa akin.
- 2 Humawak ka ng kalasag at ng longki, At tumayo ka dahil sa tulong sa akin.
- 3 Kumuha ka naman ng sibat, at tumigil ka sa daan laban sa kanila na humahabol sa akin :  
Sabihin mo sa aking kalulua : Ako'y iyong kaligtasan.
- 4 Mahiya sila, at madala sa kasiraang puri ang mga umuusig sa aking kalulua :  
Mangabalik sila, at mangalito silang nagsisikap ng aking kapahamakan.
- 5 Maging parang tambo sa harap ng hangin,  
At itaboy sila ng angel ng PANGINOON.
- 6 Maging madilim, at madulas ang kanilang daan,  
At habulin sila ng angel ng PANGINOON.
- 7 Sapagka't walang kadahilanan ay ikinubli nila para sa akin ang kanilang silo sa hukay,  
Walang kadahilanan ay humukay sila para sa aking kalulua.
- 8 Dumating sa kaniya ng walang anoano ang pagkalipol ;



- At bulihin siya ng kaniyang silo na kaniyang ikinubli:  
Kahulugan siya pagkalipol.
- 9 At ang aking kalulua ay magiging masaya sa PANGINOON:  
Magagalak sa kaniyang kaligtasan.
- 10 Lahat ng aking buto ay magsasabing, PANGINOON, sino ang gaya mo, Na inililigtas ang dukha sa kaniya na totoong malakas kay sa kaniya, Oo, ang dukha at ang mapagkailangan, sa sumasamsam sa kaniya?
- 11 Mga saksing masama ay bumabangon; Sila'y nagtatanong sa akin ng mga bagay na di ko nalalaman.
- 12 Iginaganti nila sa akin ay kasam-an sa mabuti,  
Sa pagpapaulila ng aking kalulua.
- 13 Ngunit tungkol sa akin, ng sila'y may sakit, ang aking suot ay magaspang na kayo:  
Aking pinagdadalamhati ang aking kalulua ng pag-aayuno;  
At ang aking dalangin ay bumabalik sa aking sariling sinapupunan.
- 14 Ako'y lumalakad na parang nasa aking kaibigan o aking kapatid:  
Ako'y yumuyukong tumatangis na parang iniiyakan ang kaniyang ina.
- 15 Ngunit pagka ako'y natisod sila'y nagagalak, at nagpipisan:  
Ang mga manunugat ay nagpipisan laban sa akin, at hindi ko nalaman; Kanilang pinagpipirapiraso ako at hindi nagtitigil:
- 16 Gaya ng mga manunuyang marumi sa mga kapistahan,  
Kanilang pinangangalit sa akin ang kanilang mga ngipin.
- 17 Panginoon, hangang kailan titingin ka?  
Iligtas mo ang aking kalulua sa kanilang mga paglipol,  
Ang aking sinisinta sa mga leon.
- 18 Ako'y magpapasalamat sa iyo sa malaking kapulungan:  
Aking pupurihin kita sa gitna ng maraming bayan.
- 19 Huag magalak sa akin na may kamalian ang aking mga kaaway;  
O kumindat man ng mata ang napopoot sa akin na walang kadahilanan.
- 20 Sapagka't sila'y hindi nagsasalita ng kapayapaan:  
Kungdi sila'y kumakatha ng mga magdarayang salita laban sa mga tahimik sa lupain.
- 21 Oo, kanilang ibinubuka ng maluang ang kanilang bibig laban sa akin;  
Kanilang sinasabing: Aha, aha, nakita ka ng aming mata.
- 22 Iyong nakita, Oh PANGINOON; huag kang tumahimik,  
Oh Panginoon huag kang lumayo sa akin.
- 23 Iyong alalahanin, at ikaw ay gumising upang gawan ako ng kahatulan, Sa aking usap, Dios ko at Panginoon ko.
- 24 Hatulan mo ako Oh PANGINOON aking Dios, ayon sa iyong kabanalan;  
At huag mo silang pagalakin sa akin.
- 25 Huag silang magsabi sa kanilang puso:  
Aha, nasa namin:  
Huag silang magsabing, Aming sinakmal siya.
- 26 Sila'y mangapahiya, at matulig na magkakasama ang mga nagagalak sa aking hamak:  
Manamit ng kahihyanan at kasiraang puri ang nangagmamalaki laban sa akin.
- 27 Sumutsot ng kagalakan, at masayahan, ang nagpapabuti ng usap ng aking kabanalan:  
Oo, magsabi silang palagi, Dakilain ang PANGINOON,  
Na nalulugod sa kaginhawahan ng kaniyang alipin.
- 28 At ang aking dila ay magsasalita ng iyong kabanalan,  
At ng pagpuri sa iyo boong araw.

### 36 *Sa Punong Musiko. Awit ni David na alipin ng Panginoon.*

- 1 Ang pagsalangsang ng masama ay nagsasabi sa loob ng aking puso,  
Walang takot sa Dios sa harap ng kaniyang mga mata.
- 2 Sapagka't siya'y nanunuya sa kaniyang sarilang mga mata,  
Na ang kaniyang kasam-an ay hindi masusumpungan at kapopootan.
- 3 Ang mga salita ng kaniyang bibig ay kasam-an at karayaan:  
Iniwan niya ang pagkapatas at paggawa ng mabuti.
- 4 Siya'y nagbubulay ng kasam-an sa kaniyang hihigan;  
Siya'y lumagay sa isang daan na hindi mabuti;  
Hindi niya kinapopootan ang kasam-an.

- 5 Ang iyong kagandahang-loob, Oh PANGINOON, ay nasa mga langit:  
Ang iyong pagtatapat ay umaabot hangang sa mga langit.
- 6 Ang iyong kabanalan ay gaya ng mga bundok ng Dios;  
Ang iyong mga kahatulan ay malaking kalaliman:  
Oh PANGINOON, iyong pinalalagi ang tawo at hayop.
- 7 ; Pagka mahalaga ng iyong kagandahang-loob, Oh Dios!  
At ang mga anak ng mga tawo ay sumisilong sa ilalim ng iyong mga pakpak.
- 8 Sila'y mabubusog ng sagana ng katabaan ng iyong bahay;  
At iyong mga paiinum sila sa ilog ng iyong kasayahan.
- 9 Sapagka't nasa iyo ang bukal ng buhay:  
Sa iyong liwanag makakakita kami ng liwanag.
- 10 Oh, ilagi mo ang iyong kagandahang-loob sa kanila na nakakakilala sa iyo;  
At ang iyong kabanalan sa matuid sa puso.
- 11 Huag dumating laban sa akin ang paa ng kapalaluan,  
At huag akong itaboy ng kamay ng masama.
- 12 Doo'y nabual ang mga mangagawa ng kasam-an:  
Sila'y nangapahiga at hindi makatitinding.
- 37 *Awit ni David.*
- 1 Huag kang manghinampo dahil sa mga mangagawa ng kasam-an,  
O managhili ka man sa kanila na gumagawa ng di kabanalan.
- 2 Sapagka't sila'y madaling puputuling parang damo,  
At matutuyong parang sariwang damo.
- 3 Umasa ka sa PANGINOON, at gumawa ka ng mabuti;  
Tumahan ka sa lupain, at sumunod ka sa pagtatapat.
- 4 Magpakaligaya ka naman sa PANGINOON;  
At bibigyan ka niya ng nasa ng iyong puso.
- 5 Ihabilin mo ang iyong lakad sa PANGINOON;  
Umasa ka naman sa kaniya, at kaniyang papangyayarihin.
- 6 At kaniyang palalabasing parang liwanag ang iyong kabanalan,  
At ang iyong kahatulan ay parang katanghaliang tapat.
- 7 Ikaw ay magpahinga sa PANGINOON, at maghintay kang may pagtitiis sa kaniya:  
Huag kang manghinampo dahil sa kaniya na gumiginhawa sa kaniyang lakad,  
Dahil sa lalaki na nagpapapangyari ng mga masamang pagdaraya.
- 8 Magtigil ka ng pagkagalit, at pabaya mo ang pag-iinit:  
Huag kang manghinampo, *Pumapat-nubay* lamang sa paggawa ng kasam-an.
- 9 Sapagka't ang mga mangagawa ng kasam-an ay mahihiwalay:  
Nguni't yaong mga umaasa sa PANGINOON, magmamana sila ng lupain.
- 10 Sapagka't sandali na lamang, at ang masama ay hindi na mabubuhay:  
Oo, iyong uusisang mainam ang kaniyang lugar, at siya'y hindi do-roon.
- 11 Nguni't mamanahin ng maamo ang lupain;  
At masasayahan sa kasaganaan ng kapayapaan.
- 12 Ang masama ay kumakatha laban sa banal,  
At pinangngalit sa kaniya ang kaniyang mga ngipin.
- 13 Ang Panginoon ay tatawa sa kaniya:  
Sapagka't kaniyang nakikita na ang kaniyang araw ay dumarating.
- 14 Hinugot ng masama ang tabak, at inihanda ang kanilang bosog;  
Upang ibagsak ang dukha at mapagkailangan,  
Upang patayin ang matuid sa paglakad:
- 15 Ang kanilang tabak ay papasok sa kanilang sariling puso,  
At ang kanilang bosog ay mababali.
- 16 Mainam ang kaonti na tinatankilik ng banal.  
Kay sa kasaganaan ng maraming masama.
- 17 Sapagka't ang mga kamay ng masama ay mababali:  
Nguni't inaalalayan ng PANGINOON ang banal.
- 18 Nalalaman ng PANGINOON ang mga araw ng sakdal:  
At ang kanilang mana ay magiging sa magpakailan man.

- 19 Hindi sila mapapahiya sa panahon ng kasam-an:  
At sa mga araw ng kagutom ay mabusog sila.
- 20 Nguni't ang masama ay mamamatay, At ang mga kaaway ng PANGINOON ay magiging parang karilagan ng mga sabsaban:  
Sila'y matutunaw: sa usok matutunaw sila.
- 21 Ang masama ay humihiram, at hindi nagbabayad:  
Nguni't ang banal ay nahahabag, at nagbibigay.
- 22 Sapagka't ang mga gayong pinagpala ng PANGINOON ay magmamana ng lupain;  
At silang mga sinumpa niya ay mahihwalay.
- 23 Ang lakad ng tawo ay itinatag ng PANGINOON;  
At siya'y nasasayahan sa kaniyang lakad.
- 24 Baga man siya'y mabual, hindi siya lubos na mapapahiga:  
Sapagka't inaalalayan siya ng PANGINOON ng kaniyang kamay.
- 25 Ako'y naging bata, at ngayo'y matanda;  
Gayon may hindi ko nakita ang banal na pinabayaan,  
O ang kaniyang binhi man ay nagpalimos ng tinapay.
- 26 Lahat ng araw ay nahahabag, at nagpapahiram;  
At ang kaniyang binhi ay pinagpala.
- 27 Ikaw ay humiwalay sa kasam-an, at gumawa ka ng mabuti;  
At tumahan ka magpakailan man.
- 28 Sapagka't iniibig ng PANGINOON ang kahatulan,  
At hindi kinalilimutan ang kaniyang mga santo;  
Sila'y lumalagi magpakailan man:  
Nguni't ang binhi ng masama ay mahihwalay.
- 29 Mamanahin ng banal ang lupain,  
At tatahan doon magpakailan man.
- 30 Ang bibig ng banal ay nagsasalita ng karunungan,  
At ang kaniyang dila ay nagsasalita ng kahatulan.
- 31 Ang kautusan ng kaniyang Dios ay nasa kaniyang puso;  
Walang madudulas sa kaniyang mga hakbang.
- 32 Binabantayan ng masama ang banal,  
At pinagsisikapang patayin niya siya.
- 33 Hindi iiwan ng PANGINOON sa kaniyang kamay,  
O parurusahan man siya pagka siya'y nahatulan.
- 34 Hintayin mo ang PANGINOON, at ingat na ang kaniyang lakad,  
At itataas ka upang manahin mo ang lupain:  
Pagka nahiwalay ang masama, iyong makikita.
- 35 Aking nakita ang masama sa malaking kapangyarihan,  
At kumakalat na parang sariwang punong kahoy sa kaniyang lupang tinubaan.
- 36 Nguni't isa'y nagdaan, at, narito, hindi na siya:  
Oo, hinanap ko siya, nguni't hindi siya masumpungan.
- 37 Tingnan mo ang sakdal na tawo, at masdan mo ang banal:  
Sapagka't ang huling wakas ng tawong yaon ay kapayapaan.
- 38 Tungkol sa mga mananalangang, malilipol silang magkakasama:  
Ang huling wakas ng masama ay mahihwalay.
- 39 Nguni't ang kaligtasan ng banal ay sa PANGINOON:  
Siya ang kanilang kuta sa panahon ng kabagabagan.
- 40 At sila'y tinulungan ng PANGINOON, at mga pinapaging laya:  
Pinapaging laya niya sila sa masama, at mga inililigtas,  
Sapagka't sila'y sumilong sa kaniya.

### 38 *Awit ni David, upang dalhin sa pagkaalala.*

- Oh PANGINOON, huag mo akong sawayin sa iyong pag-iinit:  
O parusahan mo man ako sa iyong mainit na kasam-an ng loob.
- Sapagka't ang iyong mga pana ay sumaksak sa akin,  
At ang iyong kamay ay lumapag sa akin.
- Walang kagalingan sa aking laman dahil sa iyong pagkagalit;  
O may kaginhawahan man sa aking mga buto dahil sa aking kasalanan.
- Sapagka't ang aking mga kasam-an ay dumaan sa aking ulo:  
Parang isang pasang mabigat na bumigat na totoo sa akin.
- Ang aking mga sugat ay mabaho, at putok,  
Dahil sa aking kamangmangan.

- 6 Ako'y nayukod, ako'y nangangayupa-  
pang mainam;  
Ako'y tumatangis boong araw.
- 7 Sapagka't ang aking mga balakang ay  
puno ng suog;  
At walang kagalingan sa aking la-  
man.
- 8 Ako'y nanglalata, at bugbog na mai-  
nam;  
Ako'y umangal dahil sa tibok ng  
aking puso.
- 9 PANGINOON, lahat ng aking nasa ay  
nasa harap ko;  
At ang aking hibik ay hindi kaila sa  
iyo.
- 10 Ang aking puso ay tunitibok, ang  
aking kalakasan ay nanglalata sa  
akin;  
Tungkol sa liwanag ng aking mga  
mata, napawi rin sa akin.
- 11 Ang mga mangliligaw at mga kaibigan  
ko ay nakatayong malayo sa aking  
salot;  
At ang aking mga kasundo ay naka-  
layo.
- 12 Sila namang nag-uusig ng aking buhay  
ay naglagay ng mga silo para sa  
akin;  
At silang nag-uusig ng aking sugat ay  
nagsasalita ng mga masamang bagay,  
At nag-iisip ng pagdaraya boong araw.
- 13 Ngunit ako'y parang binging tawo,  
hindi nakakarinig;  
At ako'y parang piping tawo, na hin-  
di ibinubuka ang kaniyang bibig.
- 14 Oo, ako'y parang lalaki na hindi na-  
kakarinig,  
At sa kaniyang bibig ay walang mga  
kasawayan.
- 15 Sapagka't sa iyo, Oh PANGINOON ay  
umaasa ako:  
Ikaw ay sasagot, Oh PANGINOONG  
aking Dios.
- 16 Sapagka't aking sinabing, Baka ako'y  
kagalakan nila:  
Pagka ang aking paa ay natitised  
magsisipagmataas sila laban sa akin.
- 17 Sapagka't ako'y madaling matitised,  
At ang aking kapanlawan ay laging  
nasa harap ko.
- 18 Sapagka't aking ihahayag ang aking  
kasam-an;  
Aking ikamamanlaw ang aking kasa-  
lanan.
- 19 Ngunit ang aking mga kaaway ay  
maliksi at malakas:  
At silang napopoot sa akin na may  
kamalian ay dumami.
- 20 Sila namang nagbabayad ng kasam-an  
sa mabuti  
Ay mga kaaway ko, sapagka't aking  
sinunod ang bagay na mabuti.
- 21 Huag mo akong pabayaang, Oh PANGI-  
NOON:  
Oh Dios ko, huag kang lumayo sa  
akin.
- 22 Magmadali kang tulungan mo ako,  
Oh PANGINOON na aking kaligtasan.
- 39** *Sa Punong Musiko, para kay Jedu-  
tun. Awit ni David.*
- 1 Aking sinabing, Ako'y mag-iingat sa  
aking mga lakad,  
Upang huag akong magkasala ng  
aking dila:  
Aking iingatan ang aking dila ng pa-  
ningkaw,  
Samantalang ang masama ay nasa ha-  
rap ko.
- 2 Ako'y napipi ng pagtahimik, ako'y  
tumahimik pati sa mabuti;  
At ang aking damdam ay umantak.
- 3 Ang aking puso ay mainit sa loob ko;  
Habang ako'y nagbululaybulay ay  
nagalab ang apoy:  
Ng magkagayo'y nagsalita ako ng aking  
dila:
- 4 PANGINOON ipakilala mo sa akin ang  
aking wakas,  
At ang sukat ng aking mga araw,  
kung ano;  
Ipakilala mo sa akin kung paanong  
kahina ako.
- 5 Narito, parang mga dangkal ginawa  
mo ang aking mga kaarawan;  
At ang aking katandaan ay parang  
wala sa harap mo:  
Tunay na lahat na tawo sa kaniyang  
mainam na kalagayan ay pawang  
walang kabuluhan. [Selah]
- 6 Tunay na lahat na tawo ay lumalakad  
sa walang kabuluhang lilim:  
Tunay na sila'y nagugulo sa walang  
kabaluhan:  
Kaniyang ibinubunton ang mga kaya-  
manan, at hindi nalalaman kung  
sinong mga pupulot.
- 7 At ngayon, Panginoon, ano pa ang  
aking hinihintay?  
Ang aking pag-asa ay nasa iyo.
- 8 Iligtas mo ako sa lahat ng aking mga  
pagsalangsang:  
Huag mo akong gawing katuyoan ng  
hangal.
- 9 Ako'y pipi, hindi ko ibinubuka ang  
aking bibig;

Sapagka't ikaw ang gumawa.

- 10 Alisin mo sa akin ang iyong pamalo :  
Ako'y tunaw na sa palo ng iyong kamay.
- 11 Pagka sa pamamag-itan ng mga parusa dahil sa kasam-an ay iyong sinasaway ang tawo,  
Iyong ginagawa ang kaniyang kagandahan na maagas na parang buk-bok :  
Tunay na lahat na tawo ay walang kabuluhan. [Selah
- 12 Iyong dingin ang aking dalangin, Oh PANGINOON, at pakingan mo ang aking daing :  
Huag kang tumahimik sa aking mga luha :  
Sapagka't ako'y taga ibang lupa sa iyo,  
Manginibang bayan na gaya ng lahat na aking mga magulang.
- 13 Oh ilayo mo sa akin, upang ako'y bumawing lakas,  
Bago ako yumason, at huag ng magkagayon.

#### 40 Sa Punong Musiko. Awit ni David.

- 1 Aking hinintay na may pagtitili ang PANGINOON ;  
At siya'y kumiling sa akin, at dininig ang aking daing.
- 2 Isinampa naman niya ako na mula sa isang kakilakilabot na hukay, mula sa putik na malagkit ;  
At inilapag niya ang aking mga paa sa isang batuhan, at itinatag ang aking mga paglakad.
- 3 At siya'y naglagay ng bagong awit sa aking bibig, na dalangin sa aming Dios :  
Marami ang makakakita at matatakot, At aasa sa PANGINOON.
- 4 Mapalad ang tawo na ginagawang kaniyang pag-asa ang PANGINOON,  
At hindi iginagalang ang palalo, o ang mga nahiligaw man sa pagsunod sa mga kabulaanan.
- 5 Marami, Oh PANGINOONG aking Dios, ang mga kagilagilalas na mga gawa na iyong ginawa,  
At ang iyong mga pag-iisip sa amin :  
Hindi malalagay na maayos sa harap mo ;  
Kung ako'y maghahayag at magsasalita tungkol sa kanila,  
Sila'y higit kay sa mabibilang.

- 6 Hayin at handog ay hindi mo kinaluluguran ;  
Ang aking pakinig ay iyong idinilat :  
Handog na susunugin, at handog tungkol sa kasalanan ay hindi mo hiningi.
- 7 Ng magkagayo'y sinabi kong, Narito, dumating ako ;  
Sa ikid ng libro ay nakasulat tungkol sa akin :
- 8 Aking kinalulugurang gawin ang iyong ibig, Oh Dios ko ;  
Oo, ang iyong kautusan ay nasa loob ng aking puso.
- 9 Ako'y nagbalita ng kabanalan sa malaking kapulungan ;  
Narito, hindi ko titikumin ang aking mga labi,  
Oh, PANGINOON, iyong nalalaman.
- 10 Hindi ko ikinubli ang iyong kabanalan sa loob ng aking puso ;  
Aking inihayag ang iyong pagtatapat, at ang iyong kaligtasan :  
Hindi ko inilihim ang iyong kagandahang loob at ang iyong katotohanan sa malaking kapulungan.
- 11 Huag mong pigilin sa akin ang iyong mga malambot na kaawaan, Oh PANGINOON :  
Panatilihin mong lagi sa akin ang iyong kagandahang-loob at ang iyong katotohanan.
- 12 Sapagka't kinulong ako ng walang bilang na kasam-an,  
Ang mga kasam-an ko ay umabot sa akin, na ano pa't hindi ako makakita ;  
Sila'y higit kay sa mga buhok ng aking ulo, at ang aking puso ay nagpalata sa akin.
- 13 Kalugdan mo, Oh PANGINOON, na iligtas ako :  
Ikaw ay magmadaling tulongan mo ako, Oh PANGINOON.
- 14 Sila'y mapahiya atangatulig na magkakasama  
Na uniuusig ng aking kalulua upang ipahamak :  
Sila'y mangabalik, at madala sa kasi-raang puri  
Na nalulugod sa aking kapahamakan.
- 15 Matigilan sila dahil sa kanilang kahihayan  
Na nagsasabi sa aking, Aha, Aha.
- 16 Magalak at matua sa iyo ang lahat na humahanap sa iyo :  
Yaong umiibig ng iyong kaligtasan ay magsabing lagi,

Ang PANGĪNOON ay dakilain.

- 17 Ngunit ako'y dukha at mapagkaila-  
ngan;  
Gayon ma'y inalala ako ng Panginoon :  
Ikaw ang aking saklolo at aking taga-  
pagligtas;  
Huag kang magluat, Oh Dios ko.

#### 41 *Sa Punong Musiko. Awit ni David.*

- 1 Mapalad siya na nagpapakundangan  
sa dukha:  
Iiligtas ng PANGĪNOON siya sa araw  
ng kasam-an.
- 2 Pananatilihin siya, at iigatan siyang  
buhay ng PANGĪNOON, at siya'y pag-  
papalain sa ibabaw ng lupa;  
At huag mong ibigay siya sa kalooban  
ng kaniyang mga kaaway.
- 3 Aalalayan siya ng PANGĪNOON sa unan  
ng panghihina :  
Iyong inaayos ang boo niyang hihigan  
sa kaniyang pagkakasakit.
- 4 Aking sinabing, Oh PANGĪNOON,  
maawa ka sa akin :  
Gamutin mo ang aking kalulua : sa-  
pagka't ako'y nagkasala laban sa iyo.
- 5 Ang aking mga kaaway ay nagsasalita  
ng kasam-an laban sa akin, na nag-  
sasabing,  
¿ Kailan siya mamamatay, at mapapa-  
wi ang kaniyang pangalan ?
- 6 At kung siya'y pumaritong tingnan  
ako, siya'y nagsasalita ng walang  
kabuluhan;

Ang kaniyang puso ay nagpipisan ng  
kasam-an sa kaniyang sarili ;  
Pagka siya'y lumabas, isinasaysay  
niya.

- 7 Yaong lahat na napopoot sa akin  
ay nagbulongbulungan laban sa  
akin :  
Laban sa akin ay kumakatha ng pang-  
hamak.
- 8 Isang masamang sakit, wika nila, ay  
kumapit na madali sa kaniya :  
At ngayoy sa paraang siya'y nahihiga  
ay hindi na magbabangon pa.
- 9 Oo, ang aking kasamasamang kaibigan,  
na aking inaasahan, na kumakain ng  
aking tinapay,  
Nagtaas ng kaniyang sakong laban sa  
akin.
- 10 Ngunit ikaw, Oh PANGĪNOON, maawa  
ka sa akin, at ibangon mo ako,  
Upang aking maiganti sa kanila.
- 11 Sa pamamag-itan nito ay natalalastas  
ko na nalulugod ka sa akin,  
Sapagka't ang aking kaaway ay hindi  
nagtatagumpay sa akin.
- 12 At tungkol sa akin, iyong inaalalayan  
ako sa aking pagtatapat,  
At inilalagay mo ako sa harap ng  
iyong mukha magpakailan man.
- 13 Purihin ang PANGĪNOON, ang Dios ng  
Israel,  
Mula sa walang hangan at hangan sa  
walang hangan.  
Siya nawa, at Siya nawa.

### IKALAWANG LIBRO.

#### 42 *Sa Punong Musiko ; Maskil ng mga anak ni Kore.*

- 1 Kung paanong umuungal ang usa sa  
pagsunod sa tubig ng mga batis,  
Gayon umaangal ang aking kalulua sa  
pagsunod sa iyo, Oh Dios.
- 2 Kinauhawan ng aking kalulua ang  
Dios, ang buhay na Dios :  
¿ Kailan ako paririto, at haharap sa  
Dios ?
- 3 Ang aking mga luha ay naging aking  
pagkain araw at gabi,  
Habang kanilang sinasabing lagi sa  
aking, ¿ Saan nandoon ang iyong  
Dios ?
- 4 Ang mga bagay na ito ay aking naa-

lala, at ibinubuhos ko ang aking ka-  
lulua sa loob ko,

- Kung paanong ako'y nagpatuloy sa  
karamihan, at pinapatnubayan ko  
sila sa bahay ng Dios,  
Na may voces ng kagalakan at pagpu-  
puri, na isang karamihan na nagdi-  
diwang ng kapistahan.
- 5 ¿ Bakit ikaw ay nanlulumo, Oh kalu-  
lua ko ?  
¿ At bakit ikaw ay nababagabag sa  
loob ko ?  
Umasa ka sa Dios : sapagka't pupuri  
pa ako sa kaniya  
*Dahil sa katabaan ng kaniyang mukha.*

6 Oh Dios ko, ang aking kalulua ay nanlolomo sa loob ko:

Kaya't aking inaalala kita mula sa lupain ng Jordan,

At ang Hermon mula sa burol ng Mizar.

7 Kalaliman ay tumatawag sa kalaliman sa hugong ng iyong lagaslas:

Lahat ng iyong alon at ang iyon malaking alon ay nagdaan sa akin.

8 Gayon ma'y utusan ng PANGINOON ang kaniyang kagandahang-loob sa araw,

At sa kinagabihan ay sasa akin ang kaniyang awit,

Sa makatuid baga'y isang dalangin sa Dios ng aking buhay.

9 Aking sasabihin sa Dios na aking burol, ¿Bakit mo ako kinalimutan?

¿Bakit ako'y yayaong tumatangis dahil sa pag-api ng kaaway?

10 Na parang tabak sa aking mga buto, tinutuya ako ng aking mga kaaway;

Habang sinasabi nilang lagi sa aking, ¿Saan nandoon ang iyong Dios?

11 ¿Bakit ikaw ay nanlolomo, Oh kalulua ko?

¿At bakit ikaw ay nababagabag sa loob ko?

Umasa ka sa Dios: sapagka't pupuri pa ako sa kaniya,

Na siyang katabaan ng aking mukha, at aking Dios.

**43** Hatulan mo ako, Oh Dios, at ipagsangalang mo ang aking usap laban sa masamang nasyon:

Iligtas mo ako sa magdaraya at hindi banal na lalaki.

2 Sapagka't ikaw ang Dios ng aking kakalasan; ¿bakit mo ako itinakuil?

¿Bakit ako'y yumayaong tumatangis dahil sa pagpighati ng kaaway?

3 Oh suguin mo ang iyong liwanag at ang iyong katotohanan; patnubayan nila ako:

Dalhin nila ako sa iyong santong burol,

At sa iyong mga tabernakulo.

4 Kung magkagayo'y paparoon ako sa altar ng Dios,

Sa Dios na aking malabis na kagalaan:

At sa alpa ay pupuri ako sa iyo, Oh Dios, aking Dios.

5 ¿Bakit ikaw ay nanlolomo, Oh kalulua ko?

¿At bakit ikaw ay nababagabag sa loob ko?

Umasa ka sa Dios: sapagka't pupuri pa ako sa kaniya,

Na siyang katabaan ng aking mukha, at aking Dios.

**44** Sa Funong Musiko; Awit ng mga anak ni Kore. Maskil.

1 Narinig namin ng aming mga pakinig, Oh Dios, isinaysay sa amin ng aming mga magulang,

Kung anong gawa ang iyong ginawa sa kanilang mga araw, ng mga araw ng una.

2 Iyong pinalayas ang mga nasyon ng iyong kamay, at mga inilagay mo; Iyong pinighati ang mga bayan, at iyong ikinalat sila.

3 Sapagka't hindi nila tinamo ang lupain na pinakaari sa pamamagitan ng kanilang sariling tabak,

O iniligtas man sila ng kanilang sariling kamay:

Kungdi ng iyong kanan, at ng iyong braso, at ng liwanag ng iyong mukha, Sapagka't iyong minahal sila.

4 Ikaw ang aking Hari, Oh Dios:

Mag-utos ka ng kaligtasan sa Jakob.

5 Dahil sa iyo'y itutulak namin ang aming mga kaaway:

Sa iyong pangalan ay yayapakan namin sila na bumabangon laban sa amin.

6 Sapagka't hindi ako aasa sa aking bosog,

O ililigtas man ako ng aking tabak.

7 Nguni't iniligtas mo kami sa aming mga kaaway,

At inilagay mo sila sa kahihyan na napopoot sa amin.

8 Sa Dios ay lumulualhati kami boong araw,

At magpapasalamat kami sa iyong pangalan magpakailan man. [Selah

9 Nguni't ngayo'y itinakuil mo kami, at inilagay mo kami sa kasiraang puri;

At hindi ka lumalabas na kasama ng aming mga hukbo.

10 Iyong pinatatalikod kami sa kaaway: At silang napopoot sa amin ay sumamsam ng sa ganang kanilang sarili.

11 Iyong ibinigay kaming parang mga tupa na pinakapagkain;

At pinangalat mo kami sa mga nasyon.

- 12 Iyong ipinagbibili ang iyong bayan na walang bayad,  
At hindi mo pinalago ang iyong kayamanan sa pamamagitan ng kanilang halaga.
- 13 Ginawa mo kaming katuyaan sa aming mga kapua,  
Isang kawikaan at kadustaan nila na nasa palibot namin.
- 14 Iyong ginawa kaming kawikaan sa gitna ng mga nasyon,  
At kaugaan ng ulo sa gitna ng mga bayan.
- 15 Boong araw ay nasa harap ko ang aking kasiraang puri,  
At ang kahibyan ng aking mukha ay tumakip sa akin,
- 16 Dahil sa vices niya na dumuduahagi at tumutungayaw;  
Dahil sa kaaway at sa manghihiganti.
- 17 Lahat ng ito'y dumating sa amin;  
gayon ma'y hindi namin kinalimutan ka,  
O gumawa man kami na may karayaan sa iyong tipan.
- 18 Ang aming puso ay hindi bumabalik,  
O ang amin mang mga hakbang ay humiwalay sa iyong daan;
- 19 Upang kami ay iyong siraing mainam sa lugar ng mga chakal,  
At takpan mo kami ng lilim ng kamatayan.
- 20 Kung aming nilimot ang pangalan ng aming Dios,  
O aming iniladlad ang aming mga kamay sa ibang dios,
- 21 Hindi ba sisiyasatin ito ng Dios?  
Sapagka't nalalaman niya ang mga lihim ng puso.
- 22 Oo, dahil sa iyo ay pinapatay kami boong araw;  
Kami ay nabilang na parang mga tupa sa patayan.
- 23 Ikaw ay gumising, bakit ikaw ay natutulog, Oh Panginoon?  
Ikaw ay bumangon, huag mo kaming itakuil magpakailan man.
- 24 Bakit mo ikinukubli ang iyong mukha,  
At kinalilimutan mo ang aming kadalamhatian at aming kapighatian?
- 25 Sapagka't ang aming kalulua ay nakasubasob sa alabok;  
Ang aming tiyan ay nadidikit sa lupa.
- 26 Ikaw ay bumangon upang kami ay tulungan.

At tubusin mo kami dahil sa iyong kagandahang-loob.

45 *Sa Punong Musiko; Inihanda para sa mga lirio: Awit ng mga anak ni Kore. Musikil. Awit ng pag-ibig.*

- 1 Ang aking puso ay umaapaw sa isang mainam na bagay;  
Aking sinasalita ang mga bagay na aking ginawa tungkol sa hari:  
Ang aking dila ay panulat ng bihasang manunulat.
- 2 Ikaw ay maganda kay sa mga anak ng tawo;  
Biyaya ay nabubuhos sa iyong mga labi:  
Kaya't pinagpala ng Dios ka magpakailan man.
- 3 Ibigkis mo ang iyong tabak sa iyong hita, Oh makapangyarihan,  
Ang iyong kahalhatian at ang iyong kamahalan.
- 4 At sa iyong kamahalan ay sumakay kang may kaginhawahan,  
Dahil sa katotohanan, at sa kaamuan, at sa kabanalan:  
At ang iyong kanan ay magtuturo sa iyo ng kakilakilabot na mga bagay.
- 5 Ang iyong mga pana ay matulis;  
Ang mga bayan ay nabubual sa ilalim mo:  
Mga nasa puso ng mga kaaway ng hari.
- 6 Ang iyong luklukan, Oh Dios ay walang hangan:  
Cetro ng kabanalan ang cetro ng iyong kaharian.
- 7 Iyong inibig ang kabanalan, at kinapootan ang kasam-an:  
Kaya't pinahiran ka ng Dios, na iyong Dios  
Ng langis ng kasayahan kay sa iyong mga kasama.
- 8 Ang lahat ng iyong damit ay amoy mirra, at alce, at kasia:  
Mula sa palaciang garing ay pinasasaya ka ng mga instrumentong may cuerdas.
- 9 Mga anak na babaye ng hari ay nasa gitna ng iyong mga marangal na babaye:  
Sa iyong kanan ay nakatayo ang reina na may ginto sa Ofir.
- 10 Iyong dingin Oh anak na babaye, at iyong pakundanganan, at ikiling mo ang iyong pakinig;  
Kalimutan mo naman ang iyong sari-



- ling bayan, at ang bahay ng iyong magulang;
- 11 Sa gayo'y nanasain ng hari ang iyong kagandahan; Sapagka't siya'y iyong Panginoon; at sumamba ka sa kaniya.
- 12 At ang anak na babaye ng Tiro ay *dodoon* na may kaloob; Pati ng mayaman sa gitna ng iyong bayan ay mamamanhik ng iyong biyaya.
- 13 Ang anak na babaye ng hari ay tootong malualhati sa loob ng *palacio*: Ang kaniyang suot ay yaring may ginto.
- 14 Siya'y papatnubayan sa hari na may suot na bordado: Ang mga dalaga na kaniyang mga kasama na sumusunod sa kaniya Dadalhin sa iyo.
- 15 May kasayahan at kagalakan na papatnubayan sila: Sila'y papasok sa *palacio* ng hari.
- 16 Sa lugar ng iyong mga magulang ay magiging ang iyong mga anak, Na siyang iyong mga gagawing pangulo sa boong lupa.
- 17 Aking ipaalala ang iyong pangalan sa lahat ng lahi: Kaya't ang mga bayan ay magpapasalamat sa iyo magpakailan man.

#### 46 *Sa Punong Musiko; Awit ng mga anak ni Kore; Inihanda sa Alamo. Awit.*

- 1 Dios ay ating silungan at kalakasan, Mainam na saklolo sa kabagabagan.
- 2 Kaya't hindi kami matatakot bago man ang lupa ay mabago, At bago man ang mga bundok ay mabago sa puso ng mga dagat;
- 3 Baga man ang mga tubig niya ay humugong at mangabagabag, Baga man ang mga bundok ay mauga dahil sa kahambugan niya. [Selah]
- 4 May isang ilog na ang mga agos ay nagpapasaya sa ciudad ng Dios, Sa santong lugar ng mga tabernakulo ng Kataastaasan.
- 5 Dios ay nasa gitna niya; siya'y hindi mababago: Tutulungan siya ng Dios sa pagbubukang liwayway sa umaga.
- 6 Ang mga nacion ay gumulo, ang mga kaharian ay nakilos:

- Ibinigay niya ang kaniyang voces, ang lupa ay natunaw.
- 7 Ang PANGINOON ng mga hukbo ay kasama namin; Ang Dios ni Jakob ay aming silungan. [Selah]
- 8 Kayo'y parito, inyong masdan ang mga gawa ng PANGINOON, Kung anong paggiba ang kaniyang ginawa sa lupa.
- 9 Kaniyang pinatitigil ang mga pagbaba sa wakas ng lupa; Kaniyang binabali ang bosog, at pinuputol ang sibat; Kaniyang sinusunog ang mga karro ng apoy.
- 10 Kayo ay tumigil, at makilala minyo na ako ang Dios: Ako'y matataas sa gitna ng mga nacion, ako'y matataas sa lupa.
- 11 Ang PANGINOON ng mga hukbo ay sumasaatin; Ang Dios ni Jakob ay ating silungan. [Selah]

#### 47 *Sa Punong Musiko; Awit ng mga anak ni Kore.*

- 1 Oh inyong ipakpak ang mga kamay, kayong lahat na mga bayan; Sumutsot kayo sa Dios ng voces ng pagtatagumpay.
- 2 Sapagka't ang PANGINOON Kataastaasan ay kakilakilabot; Siya'y dakilang Hari sa boong lupa;
- 3 Kaniyang pasusukuin ang mga bayan sa ilalim natin, At ang mga nacion ay sa ilalim ng ating mga paa.
- 4 Kaniyang ipipili tayo ng ating mana, Ang karangalan ni Jakob na kaniyang minahal. [Selah]
- 5 Ang Dios ay napailang-lang na may sutsutan, Ang PANGINOON na may tunog ng pakakak.
- 6 Kayo'y umawit ng mga pagpuri sa Dios, kayo'y umawit ng mga pagpuri: Kayo'y umawit ng mga pagpuri sa aming Hari, kayo'y umawit ng mga pagpuri.
- 7 Sapagka't ang Dios ay Hari ng boong lupa: Umawit kayo ng mga pagpuri na may kaalaman.
- 8 Ang Dios ay naghahari sa mga nacion:

Ang Dios ay nauupo sa kaniyang santong luklukan.

- 9 Ang mga pangulo ng mga bayan ay napsan

*Upang maging bayan ng Dios ni Abraham;*

Sapagka't ang mga kalasag ng lupa ay ukol sa Dios;

Siya'y totoong nataas.

## 48 *Awit; Awit ng mga anak ni Kore.*

- 1 Dakila ang PANGINOON, at marapat purihing maimam,  
Sa ciudad ng aming Dios, sa kaniyang santong bundok.
- 2 Maganda sa kataasan, ang kagalakan ng boong lupa,  
Siyang bundok ng Zion, sa mga dako ng hilagaan,  
Na ciudad ng dakilang Hari.
- 3 Ang Dios ay napakilala sa kaniyang mga palacio, na pinakasilonggan.
- 4 Sapagka't narito, ang mga hari ay nagpipisan,  
Sila'y nagdaang magkakasama.
- 5 Kanilang nakita, nagsipangilalas nga sila;  
Sila'y nanglupaypay, sila'y nagmadaling tumakas.
- 6 Panginiginig ay humawak sa kanilang doon;  
Sakit, gaya ng sa isang babaye sa pagdaramdam.
- 7 Sa pamamag-itan ng hangging silanganan  
Iyong binabasag ang mga sasakyan sa Tarsis.
- 8 Kung ano ang aming narinig ay gayon ang aming nakita  
Sa ciudad ng PANGINOON ng mga hukbo, sa ciudad ng aming Dios:  
Itatatatag ng Dios magpakailan man. [Selah]
- 9 Ang aming naaalaala ang iyong kandahang-loob, Oh Dios,  
Sa gitna ng iyong templo.
- 10 Kung ano, ang iyong pangalan, Oh Dios,  
Gayon ang pagpuri sa iyo hangang sa mga wakas ng lupa;  
Ang iyong kanan ay puno ng kabanaan.
- 11 Matua ang bundok ng Zion,  
Magalak ang mga anak na babaye ng Juda,  
Dahil sa iyong mga kahatulan.

- 12 Ligirin minyo ang Zion, at kayo'y yumaon sa palibot niya:

Inyong saysayin ang mga moog niya.

- 13 Iguhit ninyong mabuti ang kaniyang mga harap na moog,

Inyong masdan ang kaniyang mga palacio;

Upang inyong maisaysay sa susunod na lahi.

- 14 Sapagka't ang Dios na ito, ay aming Dios magpakailan man:

Siya'y magiging aming patnubay hangang sa kamatayan.

## 49 *Sa Punong Musiko; Awit ng mga anak ni Kore.*

- 1 Inyong dingin ito, ninyong lahat na mga bayan;  
Inyong pakingan, ninyong lahat na mananahan sa sanlibutan:
- 2 Ang mababa at gayon din ang mataas,  
Ang mayaman at ang dukha na magkasama.
- 3 Ang aking bibig ay magsasalita ng karunungan;  
At ang pagbubulay ng aking puso ay magiging sa kaalaman.
- 4 Aking ikikiling ang aking pakinig sa talinhaga:  
Aking ibubuka ang aking malabong sabi sa alpa.
- 5 Bakit ako'y matatakot sa araw ng kasaman,  
Sa bagay ay kinukulong ako ng kasaman sa aking mga sakong?
- 6 Silang umaasa sa kanilang kayamanan,  
At nagpapalalo sa karamihan ng kanilang mga kayamanan:
- 7 Wala sa kanilang makatutubos sa ano pa mang paraan sa kaniyang kapatid,  
O magbibigay man sa Dios ng pangtubos para sa kaniya:
- 8 (Sapagka't ang katubusan ng kanilang kalulua ay mahalaga,  
At marapat papag-isahin magpakailan man:)
- 9 Upang siya'y mabuhay na lagi,  
Upang siya'y huag makakita ng kabulukan.
- 10 Sapagka't nakikita niya na ang mga pantas ay namamatay,  
Ang mangmang at gayon din ang hangal ay nalilipol,  
At iniinwan ang kanilang kayamanan sa mga iba.
- 11 Ang kanilang pag-iisip sa loob ay, ang kanilang mga bahay ay magpakailan man,

- At ang kanilang mga tahanang lugar ay sa boong panahon;  
Tinatawag nila ang kanilang mga lupain ayon sa kanilang sariling mga pangalan.
- 12 Ngunit ang tawo'y hindi lalagi sa karangalan;  
Siya'y gaya ng mga hayop na mamamatay.
- 13 Itong kanilang daan ay kanilang kamangmangan:  
Gayon ma'y pagkatapos nila ay kalulugdan ng mga bahalili sa kanila ang kanilang mga sabi. [Selah]
- 14 Sila'y nahalal na parang kawan sa libingan;  
Kamatayan ay magiging kanilang pastor:  
At ang matuid ay magkakaroon ng pagsakop sa kanila sa kinaumagahan;  
At ang kanilang kagandahan ay mapapasa libingan upang matunaw, ng huag magkaroon ng tahanang para sa kaniya.
- 15 Ngunit tutubusin ng Dios ang aking kalulua sa kapangyarihan ng libingan:  
Sapagka't tatanggapin niya ako. [Selah]
- 16 Huag kang matakot pagka ang isa ay yumaman,  
Pagka ang kalualhatian ng kaniyang bahay ay lumago:
- 17 Sapagka't pagka siya'y namatay ay wala siyang dadalhin;  
Ang kaniyang kalualhatian ay hindi bababang susunod sa kaniya.
- 18 Baga man habang siya'y nabuhay ay kaniyang pagpalain ang kaniyang kalulua,  
At pinupuri ka ng mga tawo pagka ikaw ay gumagawa ng mabuti sa iyong sarili,
- 19 Siya'y paroroon sa lahi ng kaniyang mga magulang;  
Hindi sila makakakita kailan man ng liwanag.
- 20 Tawong nasa karangalan, at hindi nakakaalam,  
Ay gaya ng mga hayop na mamamatay.
- 2 Mula sa Zion na kasakdalan ng kagandahan,  
Sumilang ang Dios.
- 3 Ang ating Dios ay darating, at hindi tatahimik:  
Isang apoy na mamumugnaw sa harap niya,  
At magiging totoong malaking bagyo sa palibot niya.
- 4 Siya'y tatawag sa mga langit sa itaas,  
At sa lupa upang mabatulan niya ang kaniyang bayan:
- 5 Pisanin mo ang aking mga santo sa akin;  
Yaong mga gumawa ng tipan sa akin sa pamamagitan ng hayin.
- 6 At ihahayag ng mga langit ang kaniyang kabanalan;  
Sapagka't ang Dios ay siyang hukom. [Selah]
- 7 Iyong dingin, O aking bayan, at ako'y magsasalita;  
Oh Israel, at ako'y magpapatotoo sa iyo:  
Ako'y Dios, iyong Dios.
- 8 Hindi kita sasawayin dahil sa iyong mga hayin;  
At ang iyong mga handog na susunugin ay laging nasa harap ko.
- 9 Hindi ako kukuha ng baka sa iyong bahay,  
O kambing na lalaki man sa iyong mga kawan.
- 10 Sapagka't bawa't hayop sa gubat ay akin,  
At ang hayop sa libong burol.
- 11 Nakikilala ko ang lahat ng ibon sa mga bundok:  
At ang mga mabangis na hayop sa parang ay akin.
- 12 Kung ako'y magutom ay hindi ko sagsayin sa iyo:  
Sapagka't ang sanlibutan ay akin, at ang nandoon.
- 13 Kakanin ko ba ang laman ng mga toro,  
O iinomin ang dugo ng mga kambing?
- 14 Ihandog mo sa Dios ang haying pasasalamat:  
At tuparin mo ang iyong mga panata sa Kataastaasan:
- 15 At tumawag ka sa akin sa araw ng kabagabagan;  
Aking ililigtas kita, at iyong lulualhatin ako.
- 16 Ngunit sa masama ay sinasabi ng Dios,

## 50

Awit ni Asaf.

- 1 Ang Dios, ang Dios na PANGINOON, ay nagsalita,  
At tinawag ang lupa mula sa pagsikat ng araw hangang sa paglubog niya.

- 4 Anong iyong gagawin upang ihayag ang aking mga palatuntunan,  
At iyong kinuha ang aking tipan sa iyong bibig?
- 17 Sa paraang iyong kinapopootan ang pagtuturo,  
At iyong inihahagis ang aking mga salita sa likod mo.
- 18 Pagka ikaw ay nakakita ng magnanakaw, pumipisan ka sa kaniya,  
At naging kabahagi ka ng mga mangangalunya.
- 19 Iyong ibinibigay ang iyong bibig sa kasam-an,  
At ang iyong dila ay kumakatha ng karayaan.
- 20 Ikaw ay nauupo, at nagsasalita laban sa iyong kapatid;  
Iyong dinudusta ang anak ng iyong sariling ina.
- 21 Ang mga bagay na ito ay iyong ginawa, at ako'y tumahimik;  
Iyong inisip na tunay na ako'y gayong gaya mo:  
*Ngunit* aking sasawayin kita, at aking mga aayusin sa harap ng iyong mga mata.
- 22 Inyo ngang bulayin ito, kayong nakalilimot sa Dios,  
Baka kayo'y aking pagpirapirasohin, at walang magligtas:
- 23 Ang naghahandog ng haying pasasalamat ay lumuluwalhati sa akin;  
At sa kaniya na nag-aayos ng kaniyang pakikipag-usap  
Aking ipakikilala ang pagliligtas ng Dios.
- 51** *Sa Punong Musiko. Awit ni David:*  
*ng si Natan na profeta ay dumating sa kaniya, pagkatapos na siya'y makasiping sa Bat-seba.*
- 1 Maawa ka sa amin, Oh Dios, ayon sa iyong kagandahang-loob:  
Ayon sa karamihan ng iyong malambot na kaawaan ay pinapawi ang aking mga pagsalangsang.
- 2 Hugasan mo akong lubos sa aking kasam-an,  
At linisin mo ako sa aking kasalanan.
- 3 Sapagka't kinikilala ko ang aking mga pagsalangsang:  
At ang aking kasalanan ay laging nasa harap ko.
- 4 Laban sa iyo, sa iyo lamang ako nagkasala,
- At nakagawa ng kasam-an sa iyong paningin:  
Upang ikaw ay mapatotohanan pagka ikaw ay nagsasalita,  
At maging malinis pagka ikaw ay humahatol.
- 5 Narito, ako'y ipinanganak sa kasam-an;  
At sa kasalanan ay ipinaglihi ako ng aking ina.
- 6 Narito, ikaw ay nagnanasa ng katotohanan sa mga loob na sangkap:  
At sa kubling bahagi ay iyong ipakikilala sa akin ang karunungan.
- 7 Linisin mo ako ng hisopo, at ako'y magiging malinis:  
Hugasan mo ako, at ako'y magiging lalong maputi kay sa nieve.
- 8 Paringan mo ako ng kagalakan at kasayahan;  
Upang ang mga buto na iyong binali ay magalak.
- 9 Ikubli mo ang iyong mukha sa aking mga kasalanan,  
At pawiin mo ang aking lahat na kasam-an.
- 10 Likhaan mo ako ng isang malinis na puso, Oh Dios;  
At magbago ka ng isang malinis na espiritu sa loob ko.
- 11 Huag mo akong itakuil sa iyong harap;  
At huag mong kunin ang iyong santong espiritu sa akin.
- 12 Panatilihin mo sa akin ang kagalakan ng iyong pagligtas:  
At alalayan ako ng layang espiritu.
- 13 Kung magkagayo'y ituturo ko sa mga mananalangsang ang iyong mga laktad;  
At ang mga makasalanan ay mahihikayat sa iyo.
- 14 Iligtas mo ako sa sala sa dugo, Oh Dios, ikaw na Dios ng aking kaligtasan;  
At ang aking dila ay umaawit ng malakas tungkol sa iyong kabanalan.
- 15 Oh Panginoon, buksan mo ang aking mga labi;  
At ang aking bibig ay magsaysay ng iyong kapurihan.
- 16 Sapagka't ikaw ay hindi nalulugod sa hayin; sa ibang paraan ay aalalayan kita:  
Ikaw ay walang kaluguran sa handog na susunugin.
- 17 Ang mga hayin sa Dios ay bagbag na espiritu:

Isang bagbag at may pagsisising puso,  
Oh Dios, hindi mo wawalang kabu-  
luhan.

18 Ikaw ay gumawa ng mabuti sa iyong  
mabuting kasayahan sa Zion:

Itayo mo ang mga kuta ng Jerusalem.

19 Kung magkagayo'y malulugod ka sa  
mga hayin ng kabanalan, sa handog  
na susunugin at sa handog na susu-  
nuging boo:

Kung magkagayo'y maghahandog sila  
ng mga toro sa iyong altar.

52 *Sa Punong Musiko. Maskil ni Da-  
vid: ng dumating at magsaysay kay  
Saul si Doeg na Edomeo, at magsabi  
sa kaniyang, Si David ay napa-  
roon sa bahay ni Ahimelec.*

1 ¿Bakit ikaw ay nagmamalaki sa ka-  
sam-an, Oh makapangyarihang ta-  
wo?

Ang kaawaan ng Dios ay walang han-  
gan.

2 Ang iyong dila ay kumakatha ng  
totoong masama;

Gaya ng matalas na pang-ahit, na  
gumagawang may karayaan.

3 Iyong inibig ang kasam-an ng higit  
kay sa mabuti;

At ang pagsisinungaling kay sa pagsa-  
salita ng kabanalan. [Selah]

4 Iyong inibig ang lahat na mananakmal  
na salita,

Oh ikaw na magdarayang dila.

5 Gigibain ka ring gayon ng Dios mag-  
pakailan man,

Ikaw ay itataas niya, at huhugutin ka  
sa iyong dampa,

At bubunutin ka niya sa lupain ng  
may buhay. [Selah]

6 Makikita naman siya ng banal, at ma-  
tatakot,

At tawataw sa kaniya, na magsasabing,

7 Narito, ito ang tawo na hindi gina-  
wang kaniyang katibayan, ang Dios;

Kungdi umasa sa kasaganaan ng kani-  
yang mga kayamanan,

At nagpakalakas sa kaniyang kasam-  
an.

8 Ngunit tungkol sa akin ay gaya ako  
ng sariwang punong kahoy ng oliwo  
sa bahay ng Dios:

Umaasa ako sa awa ng Dios magpa-  
kailan man.

9 Ako'y magpapasalamat sa iyo magpa-

kailan man, sapagka't iyong gina-  
wa:

At ako'y maghibintay sa iyong pangala-  
lan, sapagka't mabuti, sa harap ng  
iyong mga santo.

53 *Sa Punong Musiko; Inihanda sa Ma-  
halat. Maskil ni David.*

1 Ang mangmang ay nagsabi sa kani-  
yang puso, Walang Dios.

Napahamak sila, at gumawa ng kasu-  
klamsuklam na kasam-an;

Walang gumawa ng mabuti.

2 Tinutunghan ng Dios ang mga anak  
ng tawo mula sa langit,

Upang tingnan kung may sino mang  
nakakaalam,

Na humanap sa Dios.

3 Bawa't isa sa kanila ay tumalikod:  
sila'y magkakasamang naging maru-  
mi;

Walang gumawa ng mabuti, wala, ka-  
hi't isa.

4 ¿Wala bang kaalaman ang mga man-  
gagawa ng kasam-an?

Na siyang kumakain ng aking bayan  
na parang kumakain ng tinapay,

At hindi tumatawag sa Dios.

5 Doo'y nalagay sila sa malaking takot  
na hindi kinaroroonan ng takot:

Sapagka't pinangalat ng Dios ang mga  
buto niya na tumatayo laban sa iyo;

Iyong inilagay sila sa kahihiyang, sa-  
pagka't mga itinakuil ng Dios.

6 Oh kung ang kaligtasan ng Israel  
ay lumabas sa Zion!

Pagka ibinalik ng Dios ang pagkabi-  
hag ng kaniyang bayan,

Magagalak nga ang Jakob at matutua  
ang Israel.

54 *Sa Punong Musiko; sa mga instru-  
mentong may cuerdas. Maskil ni  
David: ng ang mga Zifeo ay duma-  
ting, at magsabi kay Saul, ¿Hindi  
ba nagtatago si David sa gitna  
namin?*

1 Iligtas mo ako, O Dios, sa pamamag-  
itan ng iyong pangalan,

At hatulan mo ako sa iyong kapang-  
yarihan.

2 Dingin mo ang aking dalangin, Oh  
Dios;

Pakingan mo ang salita ng aking bibig.

3 Sapagka't ang mga tagaibang lupa ay  
nagbangon laban sa akin,

At mga mangdadahas na tawo ay unusig ng aking kalulua:  
Hindi nila inilagay ang Dios sa harap nila. [Selah]

- 4 Narito, ang Dios ay aking katulong:  
Ang Panginoon ay sa kanila na umaalalay ng aking kalulua.
- 5 Kaniyang ibabalik ang kasam-an sa aking mga kaaway:  
Gibain mo sila sa iyong katotohanan.
- 6 Ako'y naghahayin sa iyo ng kusang handog:  
Ako'y magpapasalamat sa iyong pangalan, Oh PANGINOON, sapagka't mabuti.
- 7 Sapagka't iniligtas niya ako sa lahat ng kabagabagan;  
At nakita ng aking mata ang aking nasa sa aking mga kaaway.

**55** *Sa Pamong Musiko; sa mga instrumentong may cuerdas. Maskil ni David.*

- 1 Dingin mo ang aking dalangin, Oh Dios;  
At huag kang magkubli sa aking pamahik.
- 2 Pakingan mo ako, at iyong sagutin ako:  
Ako'y walang katiwasayan sa aking pagdaramdam, at ako'y dumadaing;
- 3 Dahil sa voces ng kaaway,  
Dahil sa pagpighati ng masama;  
Sapagka't sila'y naghagis ng kasam-an sa akin,  
At sa galit ay inuusig nila ako.
- 4 Ang aking puso ay nagdaramdam na mainam sa loob ko:  
At ang mga kakilabutan ng kamatayan ay nahulog sa akin.
- 5 Katakutan at pangiginginig ay dumating sa akin,  
At pinalubog ako ng kakilabutan.
- 6 At aking sinabing, ¡Oh kung ako'y nagkaroon ng mga pakpak na gaya ng kalapati!  
Lilipad nga ako at magpapahinga.
- 7 Narito, kung magkagayo'y gagala ako sa malayo,  
Ako'y titigill sa ilang. [Selah]
- 8 Ako'y magmamadaling tatakas.  
Mula sa malakas na hangin at bagyo.
- 9 Ikaw ay gumiba, Oh Panginoon, at hatiin mo ang kanilang dila:  
Sapagka't ako'y nakakita ng pangdadahas at pag-aaway sa ciudad.

- 10 Araw at gabi ay lumiligid sila sa mga kuta niya:  
Kasam-an naman at kapahamakan ay nasa gitna niya.
- 11 Kasam-an ay nasa gitna niya;  
Ang pagpighati at pagdaraya ay hindi humihiwalay sa kaniyang mga lang-sangan.
- 12 Sapagka't hindi kaaway ang dumuhagi sa akin;  
Akin nga sanang tiniis:  
At hindi rin ang napopoot sa akin ang nagmamalaki laban sa akin;  
Nagtago nga sana ako sa kaniya:
- 13 Kungdi ikaw, na lalaki na aking kaparejo,  
Aking kasama at aking kaibigang matalik.
- 14 Tayo ay nagpapayuhang matamis na magkasama,  
Tayo ay lumalakad na magkasama ng karamihan sa bahay ng Dios.
- 15 Dumating na bigla sa kanila ang kamatayan,  
Bumaba silang buhay sa hukay:  
Sapagka't kasam-an ay nasa kanilang tahanan, sa gitna nila.
- 16 Tungkol sa akin, tatawag ako sa Dios;  
At iligtas ako ng PANGINOON.
- 17 Sa hapon at sa umaga, at sa katanghaliang, tapat ako'y magbubulaybulay, at hihiyaw:  
At kaniyang didingin ang aking voces.
- 18 Kaniyang tinubos ang aking kalulua sa kapayapaan sa pagbaka laban sa akin:  
Sapagka't sila'y marami na nakikipag-talo sa akin.
- 19 Didingin ng Dios, at sasagutin sila,  
Siyang tumataban ng una, [Selah]  
Silang walang mga pagbabago,  
At hindi natatakot sa Dios.
- 20 Kaniyang iniinat ang kaniyang mga kamay laban sa gayon na nasa kapayapaan sa kaniya:  
Kaniyang dinumhan ang kaniyang ti-pan.
- 21 Ang kaniyang bibig ay malambot na gaya ng mantika,  
Ngunit ang kaniyang puso ay pagbabaka:  
Ang kaniyang mga salita ay lalong mabanayad kay sa langis,  
Gayon ma'y mga bunot na tabak.
- 22 Ihagis mo ang iyong pasan sa PANGINOON, at kaniyangaalalayan ka:  
Hindi niya titiising makilos kailan man ang banal.

23 Nguni't ikaw, Oh Dios, ibababa mo sila sa hukay ng kagibaan:  
Mga mabagsik at magdarayang tawo ay hindi darating sa kalahati ng kanilang mga araw;  
Nguni't aasa ako sa iyo.

**56** *Sa Punong Musiko; Inihanda sa kapalating pipi sa mga nasa malayo. Awit ni David: Michtam: ng hu-  
lihin siya ng mga Filisteo sa Gat.*

- 1 Maawa ka sa akin, Oh Dios; sapagka't sasakmalin ako ng tawo:  
Boong araw ay bumababag siya na pinipighati ako.
- 2 Ibig akong sakmalin ng aking mga kaaway boong araw:  
Sapagka't sila'y maraming bumabakang may kapalaluan laban sa akin.
- 3 Kung anong panahon ako matakot, Aking ilalagak ang aking pag-asa sa iyo.
- 4 Sa Dios ay pupuri ako ng kaniyang salita:  
Sa Dios ay inilagak ko ang aking pag-asa, hindi ako matatakot;  
¿ Anong magagawa ng laman sa akin?
- 5 Boong araw ay inililiko nila ang aking mga salita:  
Lahat ng kanilang pag-iisip ay laban sa akin para sa kasam-an.
- 6 Sila'y nagpipisan, sila'y nagsisipagkubli,  
Kanilang iginuguhit ang aking mga hakbang,  
Gaya ng kanilang pag-aabang sa aking kalulua.
- 7 ¿ Tatakas ba sila sa pamamag-itan ng kasam-an?  
Sa galit ay ilogmok mo ang mga bayan, Oh Dios.
- 8 Iyong isinasaysay ang aking mga pag-gagala:  
Ilagay mo ang aking mga luha sa iyong botella;  
¿ Wala ba sila sa iyong libro?
- 9 Tatalikod nga ang aking mga kaaway sa araw na ako'y tumawag:  
Ito'y nalaman ko, Sa ang Dios ay sa akin.
- 10 Sa Dios ay pupuri ako ng kaniyang salita:  
Sa PANGINOON ay pupuri ako ng kaniyang salita.
- 11 Sa Dios ay inilagak ko ang aking pag-asa, hindi ako matatakot;  
¿ Anong magagawa ng tawo sa akin?

12 Ang iyong mga panata ay sa akin, Oh Dios:  
Ako'y magbabayad ng mga handog na pasalamat sa iyo.

13 Sapagka't iniligtas mo ang aking kalulua sa kamatayan:  
¿ Hindi mo ba iniligtas ang aking mga paa sa pagkahulog?  
Upang ako'y makalakad sa harap ng Dios  
Sa ilaw ng kabuhayan.

**57** *Sa Punong Musiko; Inihanda sa Al-tasheth. Awit ni David: Michtam: ng kaniyang takasan si Saul sa yungib.*

- 1 Maawa ka sa akin, Oh Dios, maawa ka sa akin;  
Sapagka't ang aking kalulua ay sumisilong sa iyo:  
Oo, sa liliim ng iyong mga pakpak ay sisilong ako,  
Hangang sa makaraan ang mga kasakunaang ito,
- 2 Ako'y dadaan sa Dios na Kataastasan;  
Sa Dios na tumutupad ng lahat na mga bagay sa akin.
- 3 Siya'y magsusugo mula sa langit, at ililigtas ako,  
Pagka ako'y sasakmalin niya pa dumuduahagi; [Selah  
Susuguin ng Dios ang kaniyang kaawaan at kaniyang katotohanan.
- 4 Ang aking kalulua ay nasa gitna ng mga leon:  
Ako'y nahihiga sa gitna nila na naglalagay ng apoy,  
Sa mga anak ng tawo, na ang mga ngipin ay mga sibat at mga pana,  
At ang kanilang dila ay matalas na tabak.
- 5 Mataas ka, Oh Dios, sa itaas ng mga langit;  
Mataas ang iyong kalualhatian sa boong lupa.
- 6 Kanilang binandaan ng silo ang aking mga hakbang;  
Ang aking kalulua ay nakayuko:  
Sila'y humukay ng isang hukay sa harap ko;  
Sila'y nangahulog sa gitna noon. [Selah
- 7 Ang aking puso ay matatag, Oh Dios, ang aking puso ay matatag:  
Ako'y aawit, oo, ako'y aawit ng mga pagpuri.

- 8 Gumising ka kalualhatian ko; gumising ka salterio at alpa:  
Ako'y gigising na maaga.
- 9 Ako'y magpapasalamat sa iyo, Oh Panginoon sa gitna ng mga bayan:  
Ako'y aawit sa iyo ng mga pagpuri sa gitna ng mga nasyon.
- 10 Sapagka't ang iyong kaawaan ay malaki hangang sa mga langit,  
At ang iyong katotohanan sa mga alapaap.
- 11 Mataas ka, Oh Dios, sa itaas ng mga langit;  
Mataas ang iyong kalualhatian sa boong lupa.

**58** *Sa Punong Musiko; Inihanda sa At-tasheth. Awit ni David; Michtam.*

- 1 ¿Tunay bang kayo'y tahimik sa pagsasalita ng kabanalan?  
¿Humahatol ba kayo ng matuid, Oh kayong mga anak ng mga tawo?
- 2 Oo, sa puso ay gumagawa kayo ng kasam-an;  
Inyong tinitimbang ang pangdadahas ng inyong mga kamay sa lupa.
- 3 Ang masama ay naliligaw mula sa bahay-bata:  
Sila'y naliligaw pagkapanganak sa kanila, na nagsasalita ng mga kasinungalingan.
- 4 Ang kanilang kamandag ay gaya ng kamandag ng ahas:  
Sila'y gaya ng binging ahas na nagtatakip ng kaniyang pakinig;
- 5 Na hindi nakakarinig ng voces ng mga encantador,  
Na kailan man ay hindi humibikayat ng gayong may karunungan.
- 6 Iyong baliin ang kanilang mga ngipin, Oh Dios, sa kanilang bibig:  
Iyong baliin ang mga malaking ngipin ng mga anak ng leon, Oh PANGINOON.
- 7 Matunaw silang parang tubig na umagos:  
Pagka inihilagpos niya ang kaniyang mga pana, maging parang nangalisia:
- 8 Sila'y maging parang suso na natutunaw at napapawi:  
Na parang naagas sa babaye na hindi nakakita ng araw.
- 9 Bago makaramdam ang inyong mga paliok ng mga tinik na apoy,  
Kaniyang kukunin sila ng ipolipo, ang sariwa at gayon din ang pagnini-ngas.

- 10 Magagalak ang banal pagka nakita niya ang higanti:  
Kaniyang huhungasan ang kaniyang paa sa dugo ng masama.
- 11 Na ano pa't sasabihin ng mga tawo, Katotohanang may kagantihan sa banal:  
Katotohanang may Dios na humahatol sa lupa.

**59** *Sa Punong Musiko; Inihanda sa At-tasheth. Awit ni David; Michtam: ng magsugo si Saul at kanilang bantayan ang bahay upang patayin siya.*

- 1 Iligtas mo ako sa aking mga kaaway, Oh Dios ko:  
Ilagay mo ako sa mataas sa kanila na nagbabangon laban sa akin.
- 2 Iligtas mo ako sa mga mangagawa ng kasam-an,  
At iligtas mo ako sa mga mabagsik na tawo.
- 3 Sapagka't narito, kanilang binabakayan ang aking kalulua;  
Ang mga makapangyarihan ay nagpipisan laban sa akin:  
Hindi dahil sa aking pagsalang-ang, o sa aking kasalapan man, Oh PANGINOON.
- 4 Sila'y tumatakbo at humahanda na wala akong sala:  
Ikaw ay gumising na tulungan mo ako, at masdan mo.
- 5 Ikaw, Oh PANGINOONG Dios ng mga hukbo, na Dios ng Israel,  
Ikaw ay bumangon upang iyong dalawin ang luhat ng walang Dios:  
Huag kang maawa sa kanino mang masamang mga mananalangsang. [Selah]
- 6 Sila'y nagbabalik sa kinahapunan, sila'y humahagulhol na parang aso,  
At yumayaong nililibot ang ciudad.
- 7 Narito, sila'y nanunungayaw ng kanilang bibig;  
Mga tabak ay basa kanilang mga labi:  
¿Sapagka't sino, *sabi nila*, ang naki'kinig?
- 8 Ngunit ikaw, Oh PANGINOON, tatawa sa kanila;  
Iyong tutuyain ang lahat na walang Dios.
- 9 Oh aking kalakasan, hihintayin kita;  
Sapagka't ang Dios ay aking matayog na moog.
- 10 Aalalayan ako ng Dios ng aking kaawaan:



- Ipakikita ng Dios sa akin ang *aking nasa* sa aking mga kaaway.
- 11 Huag mo silang patayin, baka makali-mot ang aking bayan; Pangalatin mo sila ng iyong kapang-yarihan, at ibaba mo sila, Oh Panginoong aming kalasag.
- 12 *Dahil* sa kasalanan ng kanilang bibig, at sa mga salita ng kanilang mga labi, Makuha sila sa kanilang kapalaluan, At dahil sa sumpa at pagsisinungaling na kanilang sinasalita.
- 13 Matunaw sila sa pag-iinit, matunaw sila, upang huag na silang mabuhay: At makilala nila na ang Dios ay nag-pupuno sa Jakob, Hangang sa mga wakas ng lupa. [Selah]
- 14 At sa kinahapunan ay magbalik sila, humagulkol silang parang aso, At yumaon silang libutin nila ang ciudad.
- 15 Sila'y gagalang magmamanhik ma-naog dahil sa pagkain, At naghihintay boong gabi kung hindi sila mabusog.
- 16 Ngunit aking aawitin ang iyong kala-kasan; Oo, aking aawiting malakas ang iyong kaawaan sa kinaumagahan: Sapagka't ikaw ay naging aking mata-yog na moog, At silungan sa araw ng aking kapan-lawan.
- 17 Sa iyo, Oh kalakasan ko, aawit ako ng mga pagpuri: Sapagka't ang Dios ay aking matayog na moog, ang Dios ng aking kaa-waan.
- 60 *Sa Punong Musiko; Inihanda sa Libro ng patotoo: Michtam ni David, upang ituro: ng siya'y maki-pag-away kay Aram-naharaim at kay Aram-zoba, at magbalik si Job, at sumugat sa Edom sa Libis ng Asin ng labing dalawang libo.*
- 1 Oh Dios, iyong inihagis kami, iyong ibinagsak kami; Ikaw ay nagalit; Oh magbalik ka sa amin.
- 2 Iyong pinanginig ang lupain; iyong hinapak: Gamutin mo ang mga sira niya: sa-pagka't umuuga.
- 3 Nagpakita ka sa iyong bayan ng ma-lirap na mga lagay: Iyong ipinainom sa amin ang alak na pangtulig.
- 4 Ikaw ay magbigay ng bandila sa mga natatakot sa iyo, Upang mataas dahil sa katotoha-nan. [Selah]
- 5 Upang ang iyong minamahal ay maka-ligtas, Magligtas ka ng iyong kanan, at sagutin mo kami.
- 6 Nagsalita ang Dios sa kaniyang kasan-tosan; ako'y magsasaya: Aking hahatiin ang Sekem, at aking susukatin ang libis ng Sukot.
- 7 Gilead ay akin, at Manases ay akin; Efraim naman ay sangalang ng aking ulo; Juda ay aking cetro.
- 8 Moab ay aking hugasan; Sa Edom ay aking ihahagis ang aking panyapak: Filistia, sumutsot ka dahil sa akin.
- 9 Sinong magdadala sa akin sa matibay na ciudad? Sinong papatnubay sa akin hangang sa Edom?
- 10 Hindi mo ba kami inihagis, Oh Dios? At hindi ka lumalabas, Oh Dios, na kasama ng aming mga hukbo.
- 11 Tulungan mo kami laban sa kaaway: Sapagka't walang kabuluhan ang tu-long ng tawo.
- 12 Sa Dios ay gagawa kaming may kata-pangan: Sapagka't siya ang yumayapak sa aming mga kaaway.
- 61 *Sa Punong Musiko; sa instrumentong may cuerdas. Awit ni David.*
- 1 Dingin mo ang aking daing, Oh Dios; Pakingan mo ang aking dalangin.
- 2 Mula sa wakas ng lupa ay tatawag ako sa iyo, pagka nanglupaypay ang aking puso: Patnubayan mo ako sa burol na lalong mataas kay sa akin.
- 3 Sapagka't ikaw ay naging aking silu-ngan, Matibay na moog sa kaaway.
- 4 Ako'y tatahan sa iyong tabernakulo magpakailan man: Ako'y sisilong sa lilim ng iyong mga pakpak. [Selah]
- 5 Sapagka't dininig mo Oh Dios, ang aking mga panata:

- Iyong ibinigay sa hari ang mana ni-yaong natatakot sa iyong pangalan.
- 6 Iyong pahababain ang buhay ng hari: Ang kaniyang mga taon ay magiging gaya ng malaong panahon.
- 7 Siya'y tataan sa harap ng Dios magpakailan man:  
Oli maghanda ka ng kagandahang loob at katotohanan, upang mapalagi siya.
- 8 Sa gayo'y aawit ako ng pagpupuri sa iyong pangalan magpakailan man, Upang aking matupad araw-araw ang aking mga panata.

## 62 *Sa Punong Musiko; ayon sa paraan ni Jedutum. Awit ni David.*

- 1 Ang Dios lamang ang inaasahan ng aking kalulua:  
Sa kaniya nangagaling ang aking kaligtasan,
- 2 Siya lamang ang aking burol, at aking kaligtasan:  
*Siya* ang aking matayog na moog; hindi ako lubhang makikilos.
- 3 Hangang kailan dadaluhong kayo sa tawo,  
Upang patayin *siya* ninyong lahat, Na gaya ng pader na tumagilid, bakod na malalaglag?
- 4 Pinagsasangunian lamang siya upang ibagsak sa kaniyang karangalan; Sila'y natutua sa mga kasinunungalingan: Sila'y pumupuri ng kanilang bibig, nguni't sumusumpa sa loob. [Selah]
- 5 Kalulua ko, sa Dios ka lamang umasa; Sapagka't ang aking pag-asa ay mula sa kaniya:
- 6 Siya lamang ang aking burol, at aking kaligtasan:  
*Siya'y* aking matayog na moog; hindi ako makikilos.
- 7 Nasa Dios ang aking kaligtasan at aking kaulalhatian:  
Ang burol ng aking kalakasan, at ang aking silungan ay sa Dios.
- 8 Umasa kayo sa kaniya boong panahon, kayong mga bayan;  
Ibuhos ninyo ang inyong puso sa harap niya:  
Dios ay silungan para sa atin. [Selah]
- 9 Tunay na walang kabuluhan ang mga tawong may mababang kalagayan, at ang mga tawong may mataas na kalagayan ay kabulaanan:  
Sa mga timbangap ay sasampa sila; Silang magkakasama ay lalong magaan kay sa walang kabuluhan.

- 10 Huag kang umasa sa kapighatian, At huag maging walang kabuluhan sa pagnanakaw:  
Kung ang mga kayamanan ay lumago, huag ninyong paglagakan ng puso.
- 11 Ang Dios ay nagsalitang minsan, Makalawang aking narinig ito:  
Na ang kapangyarihan ay ukol sa Dios:
- 12 Sa iyo naman, O Panginoon, ukol ang kawaan:  
Sapagka't ikaw ay nagbabayad sa baw't tawo ayon sa kaniyang gawa.

## 63 *Awit ni David, ng siya'y nasa ilang ng Juda.*

- 1 Oh Dios, ikaw ay aking Dios; hahanapin kitang maaga:  
Kinaauhawan ka ng aking kalulua, pinagbubuntuhang-hininga ka ng aking laman,  
Sa isang tuyo at uhaw na lupa na hindi kinaroroonan ng tubig.
- 2 Sa gayo'y tumingin ako sa iyo sa santuario,  
Upang tingnan ang iyong kapangyarihan at ang iyong kaulalhatian.
- 3 Sapagka't ang iyong kagandahang-loob ay mainam kay sa buhay;  
Pupurihin ka ng aking mga labi.
- 4 Sa gayo'y pupurihin kita habang ako'y nabubuhay:  
Aking itataas ang aking mga kamay sa iyong pangalan.
- 5 Ang aking kalulua ay matutua na parang sa ubod at katabaan;  
At ang aking bibig ay pupuri sa iyo ng masayang mga labi;
- 6 Pagka ikaw ay aking naaalala sa aking hihigan,  
At binubulay kita sa pagbabantay sa gabi.
- 7 Sapagka't ikaw ay naging katulong ko,  
At sa lilim ng iyong mga pakpak ay magagalak ako.
- 8 Ang aking kalulua ay sumusunod na mainam sa iyo:  
Inaalalayan ako ng iyong kanan.
- 9 Nguni't ang mga humahanap ng aking kalulua, upang gibain,  
Papasok sa mga kailaliliman ng lupa.
- 10 Sila'y mabibigay sa kapangyarihan ng tabak:  
Sila'y magiging huli para sa mga zorra.
- 11 Nguni't ang hari ay magagalak sa Dios:

Yaong lahat na nanunumpa sa pamamagitan niya ay lulualhati; Sapagka't ang bibig nila na nagsasalita ng mga kasinunungalingan ay titigil.

## 64 *Sa Punong Musiko; Awit ni David.*

- 1 Dingin mo ang aking voces, Oh Dios, sa aking karalitaan;  
Ingatan mo ang aking buhay sa pagkatakot sa kaaway.
- 2 Ikubli mo ako sa lihim na payo ng mga salarin;  
Sa pangugulo ng mga mangawa ng kasam-an:
- 3 Na siyang mga naghasa ng kanilang dila na parang tabak,  
At pinahilagpos ang kanilang mga pana, na mga mapait na salita:
- 4 Upang kanilang maihilagpos sa sakdal sa mga lihim na lugar:  
Biglang inihihilagpos nila sa kaniya at hindi natatakot.
- 5 Sila'y nagpapakatampang sa masamang akala;  
Sila'y nag-iisip ng paglalagay ng lihim na silo;  
Sinasabi nilang, 'Sinong mangakakakita?
- 6 Sila'y sumisiyasat ng mga kasam-an; aming natapos, *sabi nila*, ang pagsiyasat na mainam:  
At ang pag-iisip sa loob ng bawa't isa, at ang puso ay malalim.
- 7 Ngunit pahihilagposan sila ng Dios; Sila'y masusugatang bigla ng pana.
- 8 Sa gayo'y sila'y makapagpapatissod, sa paraang ang kanilang sariling dila ay laban sa kanila:  
Ang lahat na makakita sa kanila ay iunga ang ulo.
- 9 At lahat ng tawo ay matatakot;  
At kanilang ihahayag ang salita ng Dios,  
At may karunungan kanilang bubulayin ang kaniyang gawa.
- 10 Ang banal ay matututa sa PANDINOON, at aasa sa kaniya;  
At lahat ng matuid sa puso ay lulualhati.

## 65 *Sa Punong Musiko. Awit. Awit ni David.*

- 1 Hinihintay ka ng kapurihan, Oh Dios, sa Zion:  
At sa iyo'y matutupad ang panata.
- 2 Oh ikaw na dumidinig ng dalangin,

- Sa iyo'y paroroon ang lahat ng laman.
- 3 Mga kasam-an ay nananaig laban sa akin:  
Tungkol sa aming pagsalangsang ay iyong mga lilinisin.
  - 4 Mapalad ang tawo na iyong piliin, at palapitin mo sa iyo,  
Upang siya'y tumahan sa iyong mga looban:  
Kami ay matutua ng kabutihan ng iyong bahay,  
Ang santong lugar ng iyong templo.
  - 5 Sasagutin mo kami sa kabanalan sa pamamagitan ng mga kakilakilabot na bagay,  
Oh Dios ng aming kaligtasan;  
Ikaw na kaasahan ng lahat na wakas ng lupa,  
At nila na malayo sa dagat:
  - 6 Na naglalagay na matibay ng mga bundok sa pamamagitan ng kaniyang kalakasan;  
Sa paraang nabibigkisan sa palibot ng kapangyarihan:
  - 7 Na nagpapatigil ng hugong ng mga dagat, ng hugong ng kanilang mga alon,  
At ng ingay ng mga bayan.
  - 8 Sila naman na tumatahan sa mga pinakadulong bahagi ay natatakot sa iyong mga tanda:  
Ikaw ang nagpapagalak ng paglabas ng umaga at hapon.
  - 9 Iyong dinadalaw ang lupa, at dinidilig mo,  
Iyong pinyayayamang mainam;  
Ang ilog ng Dios ay puno ng tubig:  
Iyong pinagtataan sila ng trigo, sa paraang inihanda mo ang lupa.
  - 10 Iyong dinidilig ang kaniyang mga bungkal ng sagana;  
Iyong pinaagos ang tubig sa kaniyang mga bangbang:  
Iyong mga pinalalambot ng mga ulan;  
Iyong pinagpapala ang pagsibol niya.
  - 11 Iyong pinuputungan ang taon ng iyong kabutihan;  
At ang iyong mga landas ay pumapatak ng katabaan.
  - 12 Mga pumapatak sa mga sabsaban sa ilang:  
At ang mga burol ay nabibigkisan ng kagalakan.
  - 13 Ang mga pasabsaban ay nabibilisan ng mga kawau;  
Ang mga libis naman ay natatakpan ng trigo;

Sila'y sumusutsot sa kagalakan, sila naman ay umaawit.

## 66 *Sa Punong Musiko. Awit, Salmò.*

- 1 Umingay kayo ng kagalakan sa Dios, boong lupa;
- 2 Awitin ninyo ang kalualhatian ng kaniyang pangalan;  
Gawin ninyong malualhati ang pagpuri sa kaniya.
- 3 Inyong sabihin sa Dios: ; Pagka kakilabot ng iyong mga gawa!  
Sa kalakhan ng iyong kapangyarihan ay magsisisuko ang iyong mga kaaway sa iyo.
- 4 Boong lupa ay sasamba sa iyo,  
At aawit sa iyo;  
Sila'y aawit sa iyong pangalan. [Selah]
- 5 Kayo ay parito, at tingnan ninyo ang mga gawa ng Dios;  
Siya'y kakilakilabot sa kaniyang gawa sa mga anak ng mga tawo.
- 6 Kaniyang pinapagiging tuyong lupa ang dagat:  
Sila'y dumadaan sa ilog ng paa:  
Doo'y nagalak kami sa kaniya.
- 7 Siya'y nagpupuno ng kaniyang kapangyarihan magpakailan man;  
Minamasdan ng kaniyang mga mata ang mga nasyon:  
Huag magsitaas ang mga manghihimagsik. [Selah]
- 8 Oh purihin ninyo ang ating Dios, ninyong mga bayan,  
At iparinig ninyo ang voces ng kaniyang kapurihan:
- 9 Na umaalalay ng ating kalulua sa buhay,  
At hindi tumitiis na makilos ang ating mga paa.
- 10 Sapagka't ikaw Oh Dios, tinikman mo kami:  
Iyong dinalisay kami na para ng pagdalisay sa pilak.
- 11 Iyong isinuot kami sa silo;  
Ikaw ay naglagay ng mainam na pasan sa aming mga balakang.
- 12 Iyong pinasakay ang mga tawo sa aming mga ulo;  
Kami ay nagdaraan sa apoy at sa tubig;  
Nguni't kinuha mo kami sa saganang lugar.
- 31 Ako'y papasok sa iyong bahay na may mga handog na susunugin,

Aking tutuparin sa iyo ang aking mga panata,

- 14 Na sinalita ng aking mga labi,  
At sinalita ng aking bibig, ng ako'y nasa kapanlawan.
- 15 Ako'y maghahandog sa iyo ng mga matabang handog na susunugin,  
Na may mga pangsuob na mga tupa;  
Ako'y maghahandog ng mga toro na kasama ng mga kambing. [Selah]
- 16 Kayo'y parito, at inyong dingin, kayong lahat na natatakot sa Dios,  
At aking ihahayag kung ano ang kaniyang ginawa sa aking kaltua.
- 17 Ako'y dumaing sa kaniya ng aking bibig,  
At siya'y naitaas ng aking dila.
- 18 Kung aking tiningnan ang kasam-an sa aking puso,  
Hindi didingin ng Panginoon:  
19 Nguni't katotohanang dininig ng Dios;  
Kaniyang pinakingan ang voces ng aking dalangin.
- 20 Purihin ang Dios,  
Na hindi inihiwalay ang aking dalangin, o ang kaniyang kaawaan man sa akin.

## 67 *Sa Punong Musiko; sa mga instrumentong may cuerdas. Salmò, Awit.*

- 1 Dios maawa sa amin, at pagpalain kami,  
At pasilangin ang kaniyang mukha sa amin; [Selah]
- 2 Upang ang iyong daan ay makilala namin sa lupa,  
Ang iyong pagliligtas sa lahat na mga nasyon.
- 3 Purihin ka ng mga bayan, Oh Dios;  
Purihin ka ng lahat ng bayan.
- 4 Oh matua at unawit sa kasayahan ang mga nasyon:  
Sapagka't iyong hahatulan ang mga bayan ng marapat,  
At iyong pamamahalaan ang mga nasyon sa lupa. [Selah]
- 5 Purihin ka ng mga bayan, Oh Dios;  
Purihin ka ng lahat ng bayan.
- 6 Isinibol ng lupa ang kaniyang bunga:  
Ang Dios, ang ating sariling Dios magpapapala sa atin.
- 7 Pagpapalain tayo ng Dios;  
At lahat ng wakas sa lupa ay matatakot sa kaniya.

## 68 *Sa Punong Musiko. Salmo ni David, Awit.*

- 1 Magbangon ang Dios, mangalat ang kaniyang mga kaaway; Sila namang napopoot sa kaniya ay tumakas sa kaniya.
  - 2 Kung paanong napapawi ang usok ay gayon napapawi sila: Na parang pagkit na natutunaw sa harap ng apoy, Gayon mamatay ang masama sa harap ng Dios.
  - 3 Nguni't matua ang banal; mangataas sila sa harap ng Dios: Oo, magalak sila ng kasayahan.
  - 4 Kayo'y umawit sa Dios, kayo'y umawit ng kapurihan sa kaniyang pangalan: Ipaghanda ninyo ng maluang na lang-sangan siya na nangangabayo sa mga ilang; Ang kaniyang pangalan ay JAH; at magalak kayo sa harap niya.
  - 5 Ama ng mga ulila, at hukom ng mga babayeng bao, Dios sa kaniyang santong tahanan.
  - 6 Pinatatahan ng Dios ang mga nag-iisa sa kamag-anakan: Kaniyang inilalabas ang mga bihag sa kaginhawahan: Nguni't ang mga mapanghimagsik ay tumatahan sa tuyong lupa.
  - 7 Oh Dios, ng ikaw ay lumabas sa harap ng iyong bayan, Ng ikaw ay lumakad sa ilang; [Selah
  - 8 Ang lupa ay naninginig, Ang mga langit naman ay tumulo sa harap ng Dios: Puti ang Sinai na yaon ay naninginig sa harap ng Dios, ng Dios ng Israel.
  - 9 Ikaw, Oh Dios, nagsugo ng saganang ulan, Iyong pinatibay ang iyong mana, ng mahina.
  - 10 Ang iyong kapulungan ay tumahan doon: Ikaw, Oh Dios, ipinaghanda mo ng iyong kabutihan ang dukha.
  - 11 Nagbibigay ng salita ang Panginoon: Ang mga babayeng naghahayag ng mga balita ay malaking hukbo.
  - 12 Mga hari ng mga kawal ay tumatakas, sila'y tumatakas: At namamahagi ng samsam ang nawan sa bahay.
  - 13 Mahihiga ba kayo sa gitna ng mga kulungan ng mga kawan,
- Na parang mga pakpak ng kalapati na natatakpan ng pilak, At ang kaniyang balahibo ng gintong madilaw?
  - 14 Ng ang Makapangyarihan-sa-lahat ay magkalat ng mga hari doon, Parang nagkanieve sa Zalmon.
  - 15 Bundok ng Dios ang bundok ng Basan; Matayog na bundok ang bundok ng Basan;
  - 16 Bakit kayo'y nagsisiirap, kayong mataas na mga bundok, Sa bundok na ninasa ng Dios upang kaniyang tahanan? Oo, tatahan doon ang PANGINOON magpakailan man.
  - 17 Ang mga karro ng Dios ay dalawang puong libo, libolibo: Ang panginoon ay nasa gitna nila, kung paano sa Sinai, gayon sa santuario.
  - 18 Ikaw ay sumampa sa mataas, iyong pinatnubayan ang iyong bihag sa pagkabihag; Ikaw ay tumanggap ng mga kaloob sa gitna ng mga tawo, Oo, pati sa mga mapanghimagsik, upang makatahan ang PANGINOONG Dios na kasama nila.
  - 19 Purihin ang Panginoon na nagpapasan araw-araw ng aming pasan, Ang Dios na siyang aming kaligtasan. [Selah
  - 20 Ang Dios, sa amin ay Dios ng mga kaligtasan; At kay JEHOVA na Panginoon ukol ang pagliligtas sa kamatayan.
  - 21 Nguni't susugatan ng Dios ang ulo ng kaniyang mga kaaway, Ang bunbunang mabuhok ng nagpapatuloy sa kaniyang sala.
  - 22 Sinabi ng Panginoon, Aking ibabalik uli sa Basan, Aking mga ibabalik uli mula sa mga kalaliman ng dagat:
  - 23 Upang iyong mailubog ang iyong paa sa dugo, Upang ang dila ng iyong mga aso ay magkaroon ng kaniyang bahagi sa iyong mga kaaway.
  - 24 Kanilang nakita ang iyong mga lakad, Oh Dios, Ang lakad ng aking Dios, ng aking Hari, sa loob ng santuario.
  - 25 Ang mga mang-awit ay nagpapauna, ang mga manunugtog ay sumusunod,

- Sa gitna ng mga dalaga na tumutug-tog ng mga pandereta.
- 26 Purihin niyo ang Dios sa mga kapulungan,  
Ang Panginoon, *kayong na sa bukal ng Israel.*
- 27 Doo'y ang munting Benjamin ay siyang kanilang puno,  
Ang mga pangulo sa Juda at ang kanilang pulong,  
Ang mga pangulo sa Zebulun ang mga pangulo sa Neftali.
- 28 Ang iyong Dios ay nag-utos ng iyong kalakasan:  
Iyong patibayin, Oh Dios ang iyong ginawa sa amin.
- 29 Dahil sa iyong templo sa Jerusalem  
Mga hari ay magdadala ng mga ka-loob sa iyo.
- 30 Sawayin mo ang mga mabangis na hayop sa mga kahuyan,  
Ang karamihan ng mga toro na kasama ng mga guya ng mga bayan,  
Na niyayapakan sa ilalim ng paa ang mga piraso ng pilak;  
Iyong pinangalat ang mga bayan na nagagalak sa pagbabaka.
- 31 Mga pangulo ay lalabas sa Egipto;  
Magmamadali ang Etiopia na iunat ang kaniyang mga kamay sa Dios.
- 32 Kayo'y umawit sa Dios, kayong mga kaharian sa lupa;  
Oh kayo'y umawit ng mga pagpuri sa Panginoon; [Selah
- 33 Sa kaniya na sumasakay sa mga langit ng mga langit, na sa una;  
Narito, inilalakas niya ang kaniyang voces, na malaking voces.
- 34 Inyong isa Dios ang kalakasan:  
Ang kaniyang karangalan ay nasa Israel,  
At ang kaniyang kalakasan ay nasa mga alapaap.
- 35 Oh Dios, *ikaw ay kakilakilabot mula sa iyong mga santong lugar:*  
Ang Dios ng Israel, nagbibigay ng kalakasan at kapangyarihan sa *kaniyang bayan.*  
Purihin ang Dios.
- 2 Ako'y lumubog sa malalim na maburak na walang tayuan:  
Ako'y lumubog sa malalim na mga tubig, at inapawan ako ng mga agos.
- 3 Ako'y pagod sa aking daing; ang aking lalamunan ay tuyo:  
Ang aking mga mata ay nangangaluma-mata labang aking hinihintay ang aking Dios.
- 4 Silang napopoot sa akin na walang ano mang kadahilanan ay higit kay sa mga buhok ng aking ulo:  
Silang ibig maghiwalay sa akin, na aking mga kaaway na di ano lamang ay mga makapangyarihan:  
Akin ngang isinauli ang hindi ko kinuha.
- 5 Oh Dios, kilala mo ang aking kamangmangan;  
At ang aking mga kasalanan ay hindi lihim sa iyo.
- 6 Huag mapahiya dahil sa akin ang mga naghihintay sa iyo: Oh Panginoong Dios ng mga hukbo:  
Huag malagay sa kasiraang puri dahil sa akin ang mga humahanap sa iyo, Oh Dios ng Israel.
- 7 Sapagka't dahil sa iyo ay nagdala ako ng kadustaan;  
Kahihiyan ay tumakip sa aking mukha.
- 8 Ako'y naging iba sa aking mga kapatid,  
At taga ibang lupa sa mga anak ng aking ina.
- 9 Sapagka't kinain ako ng sikap ng iyong bahay;  
At ang mga pagduahagi nila na dumduahagi sa iyo ay nahulog sa akin.
- 10 Pagka ako'y umiyyak at pinarurusahan ko ng pag-aayuno ang aking kalulua,  
Yao'y sa aking pagkaduahagi.
- 11 Ng kayehin kong magaspang ang aking suot,  
Naging kawikaan ako sa kanila.
- 12 Silang nanupo sa pintuang-da'an ay pinag-uusapan ako:  
At ako ang awit ng mga lango.
- 13 Ngunit tungkol sa akin, ang aking dalangin ay sa iyo, Oh PANGINOON, sa isang kalugodlugod na panahon:  
Oh Dios, sa karamihan ng iyong kaa-waan,  
Sagutin mo ako sa katotohanan ng iyong kaligtasan.

69 *Sa Pamong Musiko; Inihahanda sa mga Lirio. Awit ni David.*

- 1 Iyong iligtas ako, Oh Dios;  
Sapagka't ang mga tubig ay nasok sa aking kalulua.

- 14 Iligtas mo ako sa burak, at huag mo akong ilubog:  
Maligtas ako sa kanila na napopoot sa akin, at sa mga malalim na tubig.
- 15 Huag akong tangayin ng baha,  
O lamunin man ako ng kalaliman;  
At huag takpan ng hukay ang kaniyang bibig sa akin.
- 16 Sagutin mo ako, Oh PANGINOON;  
sapagka't ang iyong kagandahang-loob ay mabuti:  
Ayon sa karamihan ng iyong mga malambot na kaawaan ay magbalik ka sa akin.
- 17 At huag mong ikubli ang iyong mukha sa iyong alipin;  
Sapagka't ako'y nasa kapanlawan;  
sagutin mo akong madali.
- 18 Lumapit ka sa aking kalulua, at tubusin mo:  
Iligtas mo ako dahil sa aking mga kaaway.
- 19 Iyong talastas ang aking kadustaan,  
at ang aking kahihyan, at ang aking kasiraang puri:  
Ang aking mga kaaway, lahat ay nasa harap mo.
- 20 Pagduhagi ay sumira ng aking puso;  
at ako'y puno ng kabigatan ng loob:  
At ako'y naghintay na may maawa sa akin, nguni't wala;  
At mga mang-aaliw, nguni't wala akong nasumpungan.
- 21 Binigyan naman nila ako ng apdo sa lugar ng aking pagkain;  
At sa aking kauhawan ay bibigyan nila ako ng suka na mainom.
- 22 Maging silo sa harap nila ang kaniyang dulang;  
At kung sila'y nasa kapayapaan ay maging isang silo.
- 23 Magdilim ang kanilang mga mata, na sila'y huag makakita;  
At panginigin mong palagi ang kaniyang mga balakang.
- 24 Ibhuhos mo ang iyong galit sa kanila,  
At abutan sila ng kabanngisan ng iyong galit.
- 25 Maging giba ang kanilang tahanan;  
Walang tumahan sa kanilang mga dampa.
- 26 Sapagka't kanilang hinabol siya na iyong sinugatan;  
At isinaysay nila ang damdam niyaong iyong sinugatan.
- 27 Dagdagan mo ng kasam-an ang kaniyang kasam-an:
- At huag silang masok sa iyong kabanalan.
- 28 Mapawi sila sa libro ng buhay,  
At huag masulat na kasama ng banal.
- 29 Nguni't ako'y dukha at mapanlaw:  
Ang iyong kaligtasan, Oh Dios, ay magsasagalang sa akin.
- 30 Aking pupurihin ng awit ang pangalan ng Dios,  
At dadakilain ko siya ng pasalamat.
- 31 At kalulugdan ng PANGINOON na higit kay sa toro,  
O sa baka na may mga sungay at mga paa.
- 32 Nakita ng mga mahina, at nangagalak:  
Mabuhay ang inyong puso, kayong humahanap sa Dios.
- 33 Sapagka't dinidinig ng PANGINOON ang mapagkailangan,  
At hindi niwawalang kabuluhan ang kaniyang mga bilango.
- 34 Purihin siya ng langit at lupa,  
Ng mga dagat, at ng lahat na bagay na gumagalaw doon.
- 35 Sapagka't ililigtas ng Dios ang Zion,  
at itatayo ang mga ciudad ng Juda;  
At sila'y tataan doon, at tatankilikin na pinakapag-aari.
- 36 Mamanahin naman ng binhi ng kaniyang mga alipin;  
At silang umiibig ng kaniyang pangalan ay tataan doon.
- 70** *Sa Pulong Musiko. Awit ni David; upang alalahanin.*
- 1 Magmadali ka, Oh Dios, na iligtas mo ako;  
Magmadali ka na tulungan mo ako, Oh PANGINOON.
- 2 Mapahiya at malito sila  
Na umuusig ng aking kalulua:  
Mapatalikod sila at madala sa kasiiraang puri  
Silang nahiligaya sa aking kapahamakan.
- 3 Mapatalikod sila dahil sa kanilang kahihyan  
Silang nagsasabing: Aha, Aha.
- 4 Magalak at matua sa iyo ang lahat na humahanap sa iyo;  
At magsabing lagi yaong umiibig ng iyong kaligtasan,  
Dakilain ang Dios.
- 5 Nguni't ako'y dukha at mapagkailangan;  
Magmadali ka sa akin, Oh Dios:

Ikaw ay aking katulong at aking taga-pagligtas;  
Oh PANGINOON, huag kang magluat.

**71** Sa iyo, Oh PANGINOON, inilalagak ko ang aking pag-asa :

Huag mo akong hiyain kailan man.

**2** Iligtas mo ako sa iyong kabanalan, at patakasin mo ako :

Ikiling mo ang iyong pakinig sa akin, at iligtas mo ako.

**3** Ikaw ay maging burol ng aking tahanan, na aking kapaparonang lagi :  
Ikaw ay nagbigay utos na iligtas ako ;  
Sapagka't ikaw ay aking burol at aking kuta.

**4** Patakasin mo ako, Oh aking Dios, sa kamay ng masama,  
Sa kamay ng taksil at mabagsik na tawo.

**5** Sapagka't ikaw ay aking pag-asa, Oh Panginoong Dios :

*Ikaw ay aking pag-asa mula sa aking kabataan.*

**6** Sa pamamag-itan mo ay naalalayan ako mula sa bahay-bata :

Ikaw ang kumuha sa akin sa tiyan ng aking ina :

Ang aking pagpuri ay magiging laging sa iyo.

**7** Ako'y parang isang kagilagilalas sa marami ;

Nguni't ikaw ang aking matibay na silungan.

**8** Ang aking bibig ay mapupuno ng pagpuri sa iyo,

At ng iyong karangalan boong araw.

**9** Huag mo akong itakuil sa panahon ng katandaan ;

Huag mo akong pabayaan pagka ang aking kalakasan ay nanglulupaypay.

**10** Sapagka't ang aking mga kaaway ay nagsasalita tungkol sa akin ;

At silang bumabakay ng aking kalulua ay nagsasangunian,

**11** Na nagsasabing, Pinabayaan siya ng Dios :

Iyong habulin at huluhin siya ; sapagka't walang magligtas.

**12** Oh Dios, huag kang lumayo sa akin :  
Oh Dios ko, magmadali kang tulungan mo ako.

**13** Mapahiya, at malipol sila na mga kaaway ng aking kalulua ;

Matakan ng pagkaduahagi at kasi-raang puri sila, na humahanap ng aking kapahamakan.

**14** Nguni't ako'y maghihintay na palagi,

At pupuri pa ako sa iyo ng higit at higit.

**15** Ang aking bibig ay magsasaysay ng iyong kabanalan,  
At ng iyong pagliligtas lahat ng araw ;  
Sapagka't hindi ko nalalaman ang bilang.

**16** Ako'y paririto sa mga makapangyarihang gawa ng Panginoong Dios :

Aking babangitin ang iyong kabanalan, ang sa iyo lamang.

**17** Oh Dios iyong tinuruan ako mula sa aking kabataan ;

At hangan ngayon ay aking inihahayag ang iyong mga kagilagilalas na mga gawa.

**18** Oo, pagka ako'y matanda at may uban, Oh Dios, huag mo akong pabayaan ;

Hangang sa aking maihayag ang iyong kalakasan sa *sumusunod* na lahi,

Ang iyong kapangyarihan sa lahat na darating.

**19** Ang iyong kabanalan naman, Oh Dios, ay totoong matayog ;

Ikaw na gumawa ng dakilang mga bagay,

Oh Dios, ¿ sino ang gaya mo ?

**20** Ikaw na nagpakita sa amin ng marami at malabis ng kabagabagan,

Bubuhayin mo uli kami,

At ibangon mo uli kami mula sa mga kalaliman ng lupa.

**21** Palaguin mo ang aking karangalan,  
At ikaw ay bumalik uli, at aliwin mo ako.

**22** Akin namang pupurihin kita ng salterio,

Ang iyong katotohanan, Oh Dios ko ;

Sa iyo'y aawit ako ng mga kapurihan sa pamamag-itan ng aipa,

Oh Santo ng Israel.

**23** Ang aking mga labi ay magagalak na mainam pagka ako'y umawit ng mga kapurihan sa iyo ;

At ang aking kalulua, na iyong tinubos.

**24** Ang akin namang dila ay magsasalita ng iyong kabanalan boong araw :

Sapagka't sila'y napahiya, sila'y nalito, na humahanap ng aking kapahamakan.

**72**

*Awit ni Solomon.*

**1** Ibigay mo sa hari ang iyong mga kahatulan, Oh Dios,



- At ang iyong kabanalan sa anak ng hari.
- 2 Kaniyang habatulan ang iyong bayan, ng kabanalan,  
At ang iyong dukha, ng kahatulan.
- 3 Ang mga bundok ay magdadala ng kapayapaan sa bayan,  
At ang mga burol, ng kabanalan.
- 4 Kaniyang habatulan ang dukha ng bayan,  
Kaniyang ililigtas ang mga anak ng mapagkailangan,  
At pagpipirasuhin ang mamimig-hati.
- 5 Sila'y matatakot sa iyo habang ang araw ay sumisikat,  
At habang *sumisilang* ang buan, sa boong panahon.
- 6 Siya'y babagsak na parang ulan sa tuyong damo:  
Parang ulan na dumidilig ng lupa.
- 7 Sa kaniyang mga araw ay mamumulaklak ang mga banal;  
At saganang kapayapaan, hangang sa ang buan ay mawala.
- 8 Siya naman ay magkakaroon ng pag-sakop sa dagat at dagat,  
At mula sa Ilog hangang sa mga wakas ng lupa.
- 9 Silang tumatahan sa ilang ay yuyukod sa kaniya;  
At hihimuran ng kaniyang mga kaaway ang alabok.
- 10 Ang mga hari sa Tarsis, at sa mga pulo ay magdadala ng mga kaloob:  
Ang mga hari sa Sheba at sa Seba ay maghahandog ng mga kaloob.
- 11 Oo, lahat ng hari ay yuyukod sa harap niya:  
Lahat ng nasyon ay maglilingkod sa kaniya.
- 12 Sapagka't kaniyang ililigtas ang mapagkailangan pagka dumadaing;  
At ang dukha na walang saklolo.
- 13 Siya'y maaawa sa dukha at mapagkailangan,  
At ang mga kalulua ng mapagkailangan ay kaniyang ililigtas.
- 14 Ililigtas niya ang kanilang kalulua sa kapighatian at karahasau;  
At magiging mahalaga ang kanilang dugo sa kaniyang paningin:
- 15 At siya'y mabubuhay: at sa kaniya'y ibibigay ang ginto sa Sheba:  
At pupurihin siya ng mga tawo na lagi:  
Pupurihin nila siya boong araw.
- 16 Magkakaroon ng saganang trigo sa lupa sa taluktok ng mga bundok;  
Ang bunga niya'y uugang parang Lebano:  
At silang sa ciudad ay mamumulaklak na parang damo sa lupa.
- 17 Ang kaniyang pangalan ay mamamalagi kailan man;  
Ang kaniyang pangalan ay lalaging malaon na para ng araw:  
At ang mga tawo ay pagpapalain sa kaniya;  
Tatawagin siyang masaya ng lahat na nasyon.
- 18 Purihin ang PANGINOONG Dios, ang Dios ng Israel,  
Na siya lamang gumagawa ng mga kababalaghang bagay:
- 19 At purihin ang kaniyang malualhating pangalan magpakailan man;  
At mapuno ang boong lupa ng kaniyang kalualhatian.  
Siya nawa, at Siya nawa.
- 20 Ang mga dalangin ni David na anak ni Jesse ay natapos.

## IKATLONG LIBRO.

## 73

*Awit ni Asaf.*

- 1 Tunay na ang Dios ay mabuti sa Israel,  
Sa mga malinis sa puso.
- 2 Ngunit tungkol sa akin, ang aking mga paa ay halos nahiwalay:  
Ang aking mga hakbang ay kamunti ng nadulas,
- 3 Sapagka't ako'y nanaghili sa hambog,  
Ng aking makita ang kaginhawahan ng masama.
- 4 Sapagka't walang mga tali sa kanilang kamatayan:  
Ngunit ang kanilang kalakasan ay matatag.
- 5 Sila'y wala sa kabagabagan na gaya ng ibang mga tawo;

- At hindi man sila nasasalot na gaya  
ng *ibang* mga tawo.
- 6 Kaya't kapalalua'y parang kuintas sa  
kanilang leeg:  
Tinatakpan sila ng karahasan na pa-  
rang bihiisan.
- 7 Ang kanilang mga mata ay lumalabas  
sa katabaan:  
Sila'y mairroong higit kay sa mana-  
nasa ng puso.
- 8 Sila'y nanunuya, at sa kasam-an ay  
nagsasalita ng pagpighati:  
Sila'y nagsasalitang may kataasan.
- 9 Kanilang inilagay ang kanilang bibig  
sa mga langit,  
At ang kanilang dila ay lumalakad sa  
lupa.
- 10 Kaya't ibinabalik dito ang kaniyang  
bayan:  
At mga tubig na punong *kopa* ay nila-  
lagok nila.
- 11 At kanilang sinasabing: ¿Paanong  
nalalaman ng Dios?  
¿At may kaalaman ba sa Kataastaa-  
san?
- 12 Narito, ang mga ito ang masama;  
At sa paraan laging walang bahala  
lumalago sa mga kayamanan.
- 13 Tunay na sa walang kabuluhan ay  
nilinis ko ang aking puso,  
At hinugasan ko ang aking mga ka-  
may sa kawalaang sala;
- 14 Sapagka't boong araw ay nasalot ako,  
At naparusahan lahat ng umaga.
- 15 Kung aking sinabing, Ako'y magsa-  
salita ng ganito;  
Narito, ako'y gagawang may karayaan  
sa lahi ng iyong mga anak.
- 16 Ng aking iniisip kung paanong aking  
pagkaalam nito,  
Ay napakahirap sa ganang akin;
- 17 Hangang sa ako'y nasok sa santuario  
ng Dios,  
At aking mapagbulay ang kanilang  
huling wakas.
- 18 Tunay na iyong inilagay sila sa mga  
madulas na lugar:  
Iyong inilugmok sila sa kagibaan.
- 19 ¿Kung paanong naging kagibaan sila  
sa isang sandali!  
Sila'y nilipol na lubos ng mga kakila-  
butan.
- 20 Parang panaginip sa pagkagising;  
Sa gayo'y, Oh Panginoon, pagka ikaw  
ay gumigising, iyong wawalang ka-  
buluhan ang kanilang larawan.
- 21 Sapagka't ang aking puso ay naman-  
law,

- At sa aking kalooban ay nasugatan  
ako:
- 22 Sa gayo'y naging walang muang ako,  
at haugal;  
Ako'y naging *parang* hayop sa harap  
mo.
- 23 Gayon ma'y laging sumasayo ako:  
Iyong inalalayau ang aking kanan.
- 24 Iyong papatnubayan ako ng iyong  
payo,  
At pagkatapos ay tatanggapin mo ako  
sa kalualhatian.
- 25 ¿Sinong mairroon ako sa langit, *kungdi*  
*ikaw*?  
At wala sa lupa na ninanasa ako na  
higit sa iyo.
- 26 Ang aking laman at ang aking puso  
ay nanlulupaypay:  
*Nguni't* ang Dios ay kalakasan ng  
aking puso, at bahagi ko magpakailan  
man.
- 27 Sapagka't narito, silang malayo sa iyo  
ay malilipol:  
Iyong ibinual silang lahat na nakikiap-  
pid na humihiwalay sa iyo,
- 28 Nguni't mabuti sa akin na lumapit sa  
Dios:  
Akin ginawang aking silungan ang  
Panginoong DIOS,  
Upang aking maisaysay ang lahat na  
iyong mga gawa.

## 74

*Maskil ni Asaf.*

- 1 Oh Dios, ¿bakit mo itinakuil *kami*  
magpakailan man?  
¿Bakit ang iyong galit ay umuusok  
laban sa mga tupa ng iyong pasab-  
saban?
- 2 Iyong alalahanin ang iyong kapulu-  
ngan na iyong binili ng una,  
Na iyong tinubos upang maging ang-  
kan ng iyong mana;  
At ang bundok ng Zion na iyong tina-  
hanan.
- 3 Itaas mo ang iyong mga paa sa mga  
sirang walang hangan,  
*Masdan mo* ang lahat na kasam-an na  
ginawa ng kaaway sa santuario.
- 4 Ang iyong mga kaaway ay umungal sa  
gitna ng iyong kapisanan;  
Kanilang itinaas ang kanilang mga  
bandila na pinakatanda.
- 5 Sila'y napaparis sa mga tawo na nagbu-  
buhat  
Ng mga palakol sa mga kakahuyan.
- 6 At ngayo'y lahat ng gawang hinichu-  
rahan doon

- Kanilang pinagpipirapiraso ng palakol at mga pamukpok.
- 7 Kanilang sinilaban ang iyong sautuario ng apoy;  
Kanilang dinumhan ang tahananang lugar ng iyong pangalan hangang sa lupa.
- 8 Kanilang sinabi sa kanilang pino,  
Ating mga gibaing pamiusan:  
Kanilang sinunog ang lahat na sinagoga ng Dios sa lupain.
- 9 Hindi namin nakikita ang aming mga tanda:  
Wala ng profeta pa;  
At wala mang sino man sa atin na nakakaalam kung hangang kailan.
- 10 ¿ Hangang kailan, Oh Dios, duduhagi ang kaaway?  
¿ Lalapastanganin ba ng kaaway ang iyong pangalan magpakailan man?
- 11 ¿ Bakit iyong iniuurog ang iyong kamay, ang iyong kanan?  
*Kunin mo sa iyong sinapupunan, at iyong mga lipulin sila.*
- 12 Gayon ma'y ang Dios ay aking Hari ng una,  
Na gumagawa ng kaligtasan sa gitna ng lupa.
- 13 Iyong hinati ang dagat ng iyong kalakasan:  
Iyong pinagbasag ang mga ulo ng mga boaya sa mga tubig.
- 14 Iyong pinagpipirapiraso ang mga ulo ng leviatan,  
Iyong ibinigay siya na pagkain sa bayan na tumatahan sa ilang.
- 15 Ikaw ay humati ng bukal at agos:  
Iyong tinuyo ang mga makapangyarihang tubig.
- 16 Ang araw ay iyo, ang gabi ay iyo rin:  
Iyong inihanda ang liwanag at ang araw.
- 17 Iyong inilagay ang lahat ng hanganan ng lupa:  
Iyong ginawa ang tag-init at tag-inaw.
- 18 Iyong alalahanin ito, na dumuhagi ang kaaway, Oh PANGINOON.  
At nilapastangan ng mangmang na bayan ang iyong pangalan.
- 19 Oh huag mong ibigay ang kalulua ng inakay ng iyong kalapati sa mabangis na hayop:  
Huag mong kalimutan ang buhay ng iyong dukha magpakailan man.
- 20 Magkaroong pitagan ka sa tipan:  
Sapagka't ang mga madilim na lugar
- ng lupa ay puno ng mga tahanan ng karahasan.
- 21 Oh huag na magbalik na liya ang napipighati:  
Purihin ng dukha at magpakailangan ang iyong pangalan.
- 22 Ikaw ay bumangon, Oh Dios, ipaglaban mo ang iyong sariling usap:  
Iyong alalahanin kung paanong dinuduhagi ka ng mangmang boong araw.
- 23 Huag mong kalimutan ang voces ng iyong mga kaaway:  
Ang ingay niyaong mga bumabangon laban sa iyo ay umiilanglang na lagi.
- 75** *Sa Punong Musiko; Inihanda sa Al-tasheth. Salmo ni Asaf, Awit.*
- 1 Kami ay nagpapasalamat sa iyo, Oh Dios:  
Kami ay nagpapasalamat, sapagka't ang iyong pangalan ay malapit:  
Isinasaysay ng mga tawo ang iyong mga kagilagilalas na gawa.
- 2 Pagka aking nasumpungan ang kapahunan,  
Hahatol ako ng matuid.
- 3 Ang lupa at lahat na tumatahan sa kaniya ay napapawi:  
Aking itinayo ang mga haligi niya. [Selah
- 4 Aking sinabi sa hambog, Huag kang gumawang may kahambugan:  
At sa masama, Huag kang magtaas ng sungay:
- 5 Huag mong itaas ang iyong sungay ng mataas;  
Huag kang magsalitang may matigas na leeg.
- 6 Sapagka't hindi man mula sa silangan, o mula man sa kalunuran,  
O mula man sa timugan, ang pagmataas.
- 7 Kungdi ang Dios ay siyang hukom:  
Kaniyang ibinababa ang isa, at itinataas ang isa.
- 8 Sapagka't sa kamay ng PANGINOON ay may isang kopa, at ang alak ay napapanis;  
Puno ng pagkakahalohalo, at kaniyang inililiguak din yaon:  
Tunay na ibubuhos ng lahat na masama sa lupa ang sapal, at mga inumin.
- 9 Nguni't aking ihabayag magpakailan man,  
Ako'y aawit ng mga kapurihan sa Dios ng Jakob.

10 Lahat ng sungay naman ng masama ay aking ihihwalay;  
Nguni't ang mga sungay ng banal ay matataas.

76 *Sa Punong Musiko; sa mña instrumentong muy cuertlas. Salmo ni Asaf, Awit.*

- 1 Sa Juda ay kilala ang Dios:  
Ang kaniyang pangalan ay dakila sa Israel.
- 2 Nasa Salem naman ang kaniyang tabernakulo,  
At ang kaniyang lugar na tahanan ay sa Zion.
- 3 Doo'y binali niya ang mga pana ng bosog;  
Ang kalasag, at ang tabak, at ang pagbabaka. [Selah]
- 4 Malualhati ka at marangal, mula sa mga bundok na hulihan.
- 5 Ang mga puso na matapang ay nasamsaman, sila'y natulog ng kaniyang pagtulog;  
At wala sa mga lalaking makapang-yarihan ang nakasumpung ng kaniyang mga kamay.
- 6 Sa iyong pagsaway, Oh Dios ng Jakob,  
Ang karro at gayon din ang kabayo ay nahandusay sa mahiimbing na pagkakatulog.
- 7 Ikaw, ikaw ay katatakutan:  
¿ At sinong makatayo sa iyong paningin, sa minsang ikaw ay magalit?
- 8 Iyong ipinarinig ang hatol mula sa langit;  
Ang lupa ay natakot, at tumahimik,
- 9 Ng ang Dios ay magbangon sa kahalutalan,  
Upang iligtas ang lahat na maamo sa lupa. [Selah]
- 10 Tunay na pupurihin ka ng pag-iinit ng tawo:  
Ang labi ng pag-iinit ay ibibigkis mo sa iyo.
- 11 Ikaw ay manata, at iyong tuparin sa PANGINOONG iyong Dios:  
Magdala ng mga kaloob sa kaniya na marapat katakutan, yaong lahat na nasa buong palibot niya.
- 12 Kaniyang ihihwalay ang espiritu ng mga pangulo:  
Sila'y kakilakilabot sa mga hari sa lupa.

77 *Sa Punong Musiko; ayon sa paraan ni Jedutum. Awit ni Asaf.*

- 1 Ako'y dadaing sa Dios ng aking voces:  
Sa Dios ng aking voces, at kaniyang didingiu ako.
- 2 Sa kaarawan ng aking kabagabagan ay hinanap ko ang Panginoon:  
Ang aking kamay ay nakaunat sa gabi, at hindi pangangalay;  
Tumatangi ang aking kalulua na maalaw.
- 3 Aking naaalala ang Dios, at ako'y naliligalig:  
Ako'y nagdadamdang, at ang aking espiritu ay nanglulupaypay. [Selah]
- 4 Iyong pinunay at ang aking mga mata:  
Ako'y totoong nababagabag na hindi ako makapagsalita.
- 5 Aking binulay ang mga araw ng una,  
Ang mga taon ng dating mga panahon.
- 6 Aking inaalaala ang aking awit sa kinagabihan:  
Sumasanguni ako sa aking sariling puso;  
At ang aking espiritu ay sumiyasat na mainan.
- 7 ¿ Magtatakuil ba ang Panginoon magpakailan man?  
¿ At hindi na ba siya iibig pa?
- 8 ¿ Ang kaniya bang kaawaan ay lubos na naubos magpakailan man?  
¿ Natapos na bang walang hangan ang kaniyang pangako?
- 9 ¿ Nakalimot na ba ang Dios na magmaawain?  
¿ Kaniya bang tinakpan ng kagalitan ang kaniyang malambot na mga kaawaan? [Selah]
- 10 At aking sinabing, Ito ang aking sakit;  
Nguni't aking aalalahanin ang mga taon ng kanan ng Kataastaasan.
- 11 Aking babangitin ang mga gawa ng PANGINOON;  
Sapagka't aking aalalahanin ang iyong mga kababalaghan ng una.
- 12 Aking bubulayin ang lahat ng iyong gawa,  
At magmumuni tungkol sa iyong mga yari.
- 13 Ang iyong daan, Oh Dios, ay nasa santuario:  
¿ Sino ang dakilang dios na gaya ng Dios?
- 14 Ikaw ay Dios na gumagawa ng mga kagilagilas:

- Iyong ipinakilala ang iyong kalakasan sa gitna ng mga bayan.
- 15 Iyong tinubos ng iyong kamay ang iyong bayan,  
Ang mga anak ni Jakob at ni Jose. [Selah]
- 16 Nakita ka ng mga tubig, Oh Dios;  
Nakita ka ng mga tubig, sila'y nangatakot:  
Ang mga kalaliman naman ay naninginig.
- 17 Ang mga alapaap ay bumuhos ng mga tubig;  
Ang mga langit ay nagsugo ng hugong:  
Ang iyong mga pana naman ay humilagpos.
- 18 Ang voces ng iyong kulog ay nasa ipoipo;  
Tinanlawan ng mga kidlat ang sanlibutan:  
Ang lupa ay naninginig at umuga.
- 19 Ang iyong daan ay nasa dagat,  
At ang iyong mga landas ay nasa malaking mga tubig,  
At ang iyong bakas ay hindi nakilala.
- 20 Iyong pinapatnubayan ang iyong bayan na parang kawan,  
Sa pamanag-itan ng kamay ni Moises at ni Aaron.
- 78** *Maskil ni Asaf.*
- 1 Makinig kayo, Oh bayan ko, sa aking kautusan:  
Ikiling ninyo ang inyong mga pakinig sa mga salita ng aking bibig.
- 2 Aking bubukhin ang aking bibig sa isang talinhaga;  
Ako'y magsasalita ng mga malabong sabi ng una:
- 3 Na aming narinig at nalaman,  
At isinaysay sa amin ng aming mga magulang.
- 4 Hindi namin mga ikukubli sa kaniyang mga anak,  
Na isasaysay sa lahing darating ang mga pagpuri sa PANGINOON,  
At ang kaniyang kalakasan, at ang kaniyang mga kagilagilalas na mga gawa na kaniyang ginawa.
- 5 Sapagka't siya'y nagtatag ng patotoo sa Jakob,  
At naglalagat ng kautusan sa Israel,  
Na kaniyang iniutos sa aming mga magulang,  
Upang kanilang mga ipakilala sa kanilang mga anak:
- 6 Upang makilala ng lahing darating, ang mga anak na ipanganganak;  
Na siyang mga babangon, at magsaysay sa kanilang mga anak:
- 7 Upang kanilang mailagag ang kanilang pag-asa sa Dios,  
Al huag kalimutan ang mga gawa ng Dios,  
Kungdi ingatan ang kaniyang mga utos:
- 8 At huag maging gaya ng kanilang mga magulang,  
May matigas na batok at manghihimagsik na lahi;  
Lahi na hindi matuid ang kanilang puso,  
At ang kanilang espiritu ay hindi tapat sa Dios.
- 9 Ang mga anak ng Efraim, sa bagay ay may sakbat at may dalang mga bosog,  
Tumalikod sa kaarawan ng pagbabaka.
- 10 Hindi nila tinupad ang tipan ng Dios,  
At tumanging lumakad sa kaniyang kautusan;
- 11 At kanilang kinalimutan ang kaniyang mga gawa,  
At ang kaniyang mga kagilagilalas na mga gawa na kaniyang ipinakita sa kanila.
- 12 Mga kagilagilalas na mga bagay ay ginawa niya sa paningin ng kanilang mga magulang,  
Sa lupain ng Egipto, sa parang ng Zoan.
- 13 Hinati niya ang dagat, at pinaraan niya sila;  
At kaniyang pinatayo ang mga tubig na parang buntan.
- 14 Sa araw naman ay kaniyang pinatnubayan sila sa pamamag-itan ng isang alapaap,  
At beong gabi ay sa pamamag-itan ng tanglaw na apoy.
- 15 Kaniyang pinuangan ang mga bato sa ilang,  
At pinainom niya sila ng sagana na parang sa mga kalaliman.
- 16 Nagpaagos naman siya mula sa bato,  
At nagpababa ng mga tubig na parang mga ilog.
- 17 Gayon ma'y nagkasala uli sila laban sa kaniya,  
Upang manghimagsik laban sa Kataastaasan sa ilang.
- 18 At kanilang tinukso ang Dios sa kaniyang puso

- Sa paghingi ng pagkain sa kanilang  
kagustuhan.
- 19 Oo, sila'y nagsalita laban sa Dios;  
Kanilang sinabing, ¿Makapaghahan-  
da ba ang Dios ng dulang sa ilang?
- 20 Narito, kaniyang sinugatan ang bato,  
na ang mga tubig ay bumubuluak,  
At mga agos ay umaagos;  
¿Makapagbibigay ba siya ng tinapay  
naman?  
¿Ipaghahanda ba niya ng laman ang  
kaniyang bayan?
- 21 Kaya't narinig ng PANGINOON, at nag-  
init:  
At isang apoy ay nag-alab laban sa  
Jakob,  
At galit naman ay napailanglang laban  
sa Israel;
- 22 Sapagka't sila'y hindi sumasampala-  
taya sa Dios,  
At hindi umaasa sa kaniyang pagli-  
ligtas.
- 23 Gayon ma'y nag-utos siya sa mga la-  
ngit sa itaas,  
At binuksan ang mga pintuan ng la-  
ngit;
- 24 At siya'y umulan ng mana sa kanila  
upang makain,  
At binigyan sila ng trigo ng langit.
- 25 Kumain ang tawo ng tinapay ng maka-  
pangyarihan:  
Sinuguan niya sila ng pagkain hangang  
sa kabusugan.
- 26 Kaniyang pinahihip ang hangang sila-  
nganan sa langit:  
At sa pamamag-itan ng kaniyang ka-  
pangyarihan ay pinatnubayan niya  
ang hangang timugan.
- 27 Nagpaulan naman siya sa kanila ng  
laman na parang alabok,  
At ng mga ibong may pakpak na  
parang buhangin sa mga dagat:
- 28 At pinalagpak niya sa gitna ng kani-  
lang kamento,
- 29 Sa palibot ng kanilang mga tabanan.
- 30 Sa gayo'y kumain sila, at nangabusog  
na mabuti;  
At ibinigay niya sa kanila ang kanilang  
ibig.
- 30 Hindi sila humiwalay sa kanilang  
kasakiman,  
Ang kanilang pagkain ay nasa kanila  
pang mga bibig,
- 31 Ng ang galit ng Dios ay paitaas laban  
sa kanila,  
At pumatay sa mga pinakamataba sa  
kanila,  
At sinugatan ang mga binata ng Israel.
- 32 Sa lahat ng ito nagkasala pa sila,  
At hindi naniwala sa kaniyang mga  
kagilagilalas na gawa.
- 33 Kaya't kanilang tinunaw ang kanilang  
mga araw sa walang kabuluhan,  
At ang kanilang mga taon ay sa  
mga kakilabutan.
- 34 Ng kaniyang papatayin sila, sila'y  
nag-usisa sa kaniya:  
At sila'y nagbalik, at humanap na  
maaga sa Dios.
- 35 At kanilang naalala na ang Dios ay  
kanilang burol,  
At ang Kataastaasang Dios ay kani-  
lang manunubos.
- 36 Nguni't tinutuya nila siya ng kani-  
lang bibig,  
At pinagbubulaanan nila siya ng kani-  
lang dila.
- 37 Sapagka't ang kanilang puso ay hindi  
matuid sa kaniya,  
O tapat man sila sa kaniyang tipan.
- 38 Nguni't siya, sa paraang puno ng  
kaawaan, nilimot ang kanilang ka-  
sam-an, at hindi sila giniba:  
Oo, madalas na inihawalay ang kani-  
yang galit,  
At hindi ginising ang boo niyang pag-  
iinit.
- 39 At naalala niyang sila'y laman la-  
mang;  
Hangang dumadaan, at hindi nagbaba-  
lik.
- 40 ¿Pagka dalas na nanghimagsik sila  
laban sa kaniya sa ilang,  
At pinapanlaw nila siya sa ilang!
- 41 At sila'y nagbalik uli, at tinukso ang  
Dios,  
At minungkahi ang Santo ng Israel.
- 42 Hindi nila inalala ang kaniyang ka-  
may,  
O ang araw man na kaniyang tubusin  
sila sa kaaway.
- 43 Kung paanong kaniyang inilagay ang  
kaniyang mga tanda sa Egipto,  
At ang kaniyang mga kababalaghan  
sa parang ng Zoan;
- 44 At pinapaging dugo ang kanilang mga  
ilog,  
At ang kanilang mga agos, na ano pa't  
hindi sila makainom.
- 45 Nagsugo naman siya sa gitna nila ng  
mga pulutong ng mga bangaw na  
lumamon sa kanila;  
At mga palaka, na gumiba sa ka-  
nila.
- 46 Ibinigay naman niya ang kanilang  
bunga sa balang chasil,

- At ang kanilang pakinabang sa balang arbeh.
- 47 Giniba niya ang kanilang uvasan, ng granizo,  
At ang kanilang mga puno ng sikomor, ng hielo.
- 48 Ibinibigay naman niya ang kanilang mga hayop sa granizo,  
At ang kanilang mga kawan ay sa mga kidlat.
- 49 Inihagis niya sa kanila ang kabangisan ng kaniyang galit,  
Pag-iinit at galit, at kabagabagan, Pulutong ng mga angel ng kasam-an.
- 50 Kaniyang iginawa ng landas ang kaniyang galit;  
Hindi niya pinigil ang kanilang buhay sa kamatayan,  
Kungdi ibinigay ang kanilang buhay sa salot:
- 51 At sinugatan ang lahat na panganay sa Egipto,  
Ang panguna ng kanilang kalakasan sa mga dampa ni Ham:
- 52 Nguni't kaniyang pinayaon ang kaniyang sariling bayan na parang mga tupa,  
At mga pinatubayan sa ilang na parang kawan.
- 53 At pinatubayan niya silang tiwasay, na ano pa't hindi sila natakot:  
Nguni't tinakpan ng dagat ang kanilang mga kaaway.
- 54 At dinala niya sila sa hanganan ng kanilang santuario,  
Sa bundok na ito na tinankilik ng kaniyang kanang kamay.
- 55 Pinalayas naman niya ang mga nasyon sa harap nila,  
At binahagi sa kanila na pinakamana sa pamamag-itan ng panukat,  
At pinatahan ang mga angkan ng Israel sa kanilang mga dampa.
- 56 Gayon ma'y nauukso at nanghimagsik sila laban sa Kataastaasang Dios,  
At hindi iningatan ang kaniyang mga patotoo;
- 57 Kungdi tumalikod, at gumawang may paglililo na gaya ng kanilang mga magulang:  
Sila'y lumisiang parang magdarayang bosog.
- 58 Sapagka't minungkahi nila siya sa galit, ng kanilang mga mataas na lugar,  
At kinilos nila siya sa paninibugho, ng kanilang mga larawang binichuraan.
- 59 Ng marinig *úo* ng Dios ay nag-init siya,  
At kinapootang mainam ang Israel:
- 60 Sa gayo'y kaniyang pinabayaan ang tabernakulo ng Silo,  
Ang dampa na kaniyang inilagay sa gitna ng mga tawo;
- 61 At ibinigay ang kaniyang kalakasan sa pagkabihaag,  
At ang kaniyang kalualhatian ay sa kainay ng kaaway.
- 62 Ibinigay naman niya ang kaniyang bayan sa tabak;  
At nag-iinit sa kaniyang mana.
- 63 Nilamon ng apoy ang kanilang mga binata;  
At ang kanilang mga dalaga ay hindi nagkaroon ng awit ng pag-aasawa.
- 64 Ang kanilang mga sacerdote ay nabulid sa pamamag-itan ng tabak;  
At ang kanilang mga bao ay hindi nanaghoy.
- 65 Ng magkagayo'y gumising ang Panginoon na parang mula sa pagkakatulog,  
Parang makapangyarihang tawo na sumusutot dahil sa alak.
- 66 At sinugatan niya ang kaniyang mga kaaway sa likod:  
Inilagay niya sila sa laging kaduahagihan.
- 67 Bukod dito'y itinakuil niya ang dampa ng Jose,  
At hindi pinili ang angkan ng Efraim;
- 68 Kungdi pinili ang angkan ng Juda,  
Ang bundok ng Zion na kaniyang inibig.
- 69 At itinayo niya ang kaniyang santuario na parang mga kataasan,  
Gaya ng lupa na kaniyang itinatag magpakailan man.
- 70 Pinili naman niya si David na kaniyang alipin,  
At kinuha niya siya mula sa kulu-ngan:
- 71 Dinala niya siya na mula sa pagsunod sa mga tupa ng nagpapasuso,  
Upang alagaan ang Jakob ang kaniyang bayan, at ang Israel ang kaniyang mana.
- 72 Sa gayo'y pinasabsab niya sila ayon sa pagtatapat ng kaniyang puso;  
At pinatubayan niya sila sa pamamag-itan ng kabihasaan ng kaniyang mga kamay.

## 79

*Awit ni Asaf.*

- 1 Oh Dios, ang mga walang Dios ay dumating sa iyong maua;  
Ang iyong santong templo ay kanilang dinumhan;  
Kanilang pinapaging buntong ang Jerusalem.
- 2 Ang mga katawang patay ng iyong mga alipin ay ibinigay nila na pagkain sa mga ibon sa himpapawid,  
Ang laman ng iyong mga santo ay sa mga hayop sa lupa.
- 3 Ang kanilang dugo ay ibinubo nila na parang tubig sa palibot ng Jerusalem;  
At walang maglibing sa kanila.
- 4 Kami ay naging kadustaan sa aming mga kalapit,  
Kasabihan at kawikaan nila na nasa palibot namin.
- 5 ¿Hangang kailan, Oh PANGINOON, magagalit ka magpakailan man?  
¿Maglalaab ba ang iyong paninibugho na parang apoy?
- 6 Ibulos mo ang iyong pag-iinit sa mga walang Dios na hindi nakakakilala sa iyo,  
At sa mga kaharian na hindi tumatawag sa iyong pangalan.
- 7 Sapagka't kanilang nilamon ang Jakob,  
At inilagay na sira ang kaniyang tahanan.
- 8 Huag mong alalahanin laban sa amin ang kasam-an ng aming mga magulang;  
Magmadali ang iyong mga kaawaan na tulongan kami:  
Sapagka't kami ay totoong naibaba.
- 9 Iyong tulongan kami, Oh Dios ng aming kaligtasan, dahil sa kalualhatian ng iyong pangalan:  
At iyong iligtas kami, at linisin mo ang aming mga kasalanan, dahil sa iyong pangalan.
- 10 Bakit sasabihin ng mga walang Dios, ¿Saan nandoon ang kanilang Dios?  
Ang kagantihan sa dugo na nabubo sa iyong mga alipin  
Makilala sa mga walang Dios sa aming paningin.
- 11 Dumating sa harap mo ang buntong hininga ng bihag;  
Ayon sa kalakhan ng iyong kapangyarihan ay palagiin mo yaong mga nahahalal sa kamatayan;

- 12 At ibalik mo sa aming mga kalapit nasyon na makapito sa kanilang sinapupunan  
Ang kanilang pagduahagi na kanilang idinuhagi sa iyo, Oh Panginoon.
- 13 Sa gayo'y kaming iyong bayan at mga tupa sa iyong pasabsaban  
Magpapasalamat sa iyo magpakailan man;  
Aming ipakikilala ang iyong kapurihan sa lahat ng lahi.

## 80

*Sa Punong Musiko; Inilanda sa mga Lirio, isang patotoo. Awit ni Asaf.*

- 1 Dingin mo, Oh Pastor ng Israel,  
Ikaw na pumapatnubay sa Jose na parang kawan;  
Ikaw na nauupo sa mga kerubin, sumilang ka.
- 2 Sa harap ng Efraim, ng Benjamin at ng Manases, gumising ang iyong kapangyarihan,  
At parito kang iligtas mo kami.
- 3 Ibalik mo kami, Oh Dios;  
At pasilangin mo ang iyong mukha, at maliligtas kami.
- 4 Oh PANGINOONG Dios ng mga hukbo,  
¿Hangang kailan magagalit ka laban sa dalangin ng iyong bayan?
- 5 Iyong pinakain sila ng tinapay na mga luha,  
At binigyan mo sila ng mga luha upang inumin sa malaking takalan.
- 6 Iyong ginawa kaming kaalitan sa aming mga kalapit nasyon:  
At ang aming mga kaaway ay nagtatawanan.
- 7 Ibalik mo kami, Oh Dios ng mga hukbo;  
At pasilangin mo ang iyong mukha, at kami ay maliligtas.
- 8 Ikaw ay nagdala ng isang puno ng uvas mula sa Egipto;  
Iyong pinalayas ang mga nasyon, at itinanim mo.
- 9 Ikaw ay naghanda ng lugar sa harap niya,  
At napailalim ang ugat, at pinuno ang lupain.
- 10 Ang mga bundok ay natakpan ng lilim niya,  
At ang mga sangay niya ay gaya ng mga cedro ng Dios.



- 11 Kaniyang sinugo ang kaniyang mga  
sanga hangang sa dagat,  
At ang kaniyang mga-supling hangang  
sa Ilog.
- 12 Bakit mo ibinagsak ang kaniyang  
mga bakod,  
Na ano pa't kanilang binubunot ng  
lahat na nagdadaan?
- 13 Sinisira ng baboy-damo,  
At sinasabsab ng mabangis na hayop  
sa parang.
- 14 Magbalik ka uli, isinasamo ko sa iyo,  
Oh Dios ng mga hukbo:  
Tumingin ka mula sa langit, at iyong  
masdan, at dalawin mo ang puno ng  
uvas na ito,
- 15 At ang ugat na itinanim ng iyong ka-  
nan,  
At ang supling-na iyong pinalakas sa  
iyong sarili.
- 16 Nasuneg ng apoy, at naputol:  
Sila'y nalipol sa saway ng iyong muk-  
ha.
- 17 Mapatong ang iyong kamay sa tawo  
ng iyong kanan,  
Sa anak ng tawo na iyong pinalakas  
sa iyong sarili.
- 18 Sa gayo'y hindi kami tatalikod sa  
iyo:  
Buhayin mo kami, at tatawagin namin  
ang iyong pangalan.
- 19 Magbalik ka uli sa amin, Oh PANĠI-  
NOONG Dios ng mga hubko;  
Pasilangin mo ang iyong mukha, at  
maliligtas kami.
- 81** *Sa Punong Musiko; Inihanda sa  
Gitit. Awit ni Asaf.*
- 1 Umawit kayo ng malakas sa Dios na  
ating kalakasan:  
Umingay kayo na may kagalakan sa  
Dios ng Jakob.
- 2 Kayo'y tumugma ng awit, at dalhin  
ninyo rito ang pandereta,  
Ang masayang alpa sampuo ng salterio.
- 3 Kayo'y humihip ng pakakak sa ba-  
gong buan,  
Sa kabilugan ng buan, sa ating daki-  
lang kapistahan.
- 4 Sapagka't pinakapatuntunan sa Is-  
rael,  
Ayos ng Dios ng Jakob.
- 5 Kaniyang inilagay na pinaka-patotoo  
sa Jose,  
Ng siya'y lumabas laban sa lupain ng  
Egipto:  
Na aking kinaringan ng wika na di  
ko nalalaman.
- 6 Aking inihwalay ang kaniyang baliklat  
sa pasan:  
Ang kaniyang mga kamay ay napabi-  
tiw sa luelang.
- 7 Ikaw ay tumawag sa kabagabagan, at  
iniligtas kita;  
Aking sinagot kita sa lihim na lugar  
ng kulog;  
Aking sinubok kita sa mga tubig ng  
Meriba. [Selah
- 8 Iyong dingin, Oh bayan ko, at ako'y  
sasaksi sa iyo:  
Oh Israel, kung ikaw ay makikinig sa  
akin!
- 9 Hindi magkakaroon ng ibang dios sa  
iyo;  
At hindi ka man sasamba sa ano mang  
ibang dios.
- 10 Ako ang PANĠINOONG iyong Dios,  
Na nagsampa sa iyo mula sa lupain ng  
Egipto:  
Iyong bukhing maluang ang iyong bi-  
big, at aking pupunuin.
- 11 Nguni't hindi dininig ang aking voces  
ng aking bayan;  
At hindi ako inibig ng Israel.
- 12 Sa gayo'y aking pinasunod sa katiga-  
san ng kanilang puso,  
Upang sila'y makalakad sa kanilang  
sariling mga payo.
- 13 Oh kung ako'y didingin ng aking  
bayan,  
Kung ang Israel ay lalakad sa aking  
mga daan!
- 14 Aking pasusukuing madali ang kani-  
lang mga kaaway,  
At ibabalik ko ang aking kamay laban  
sa kanilang mga kaaway.
- 15 Ang mga mamamoot sa PANĠINOON  
ay magsisisuko sa kaniya:  
Nguni't ang kanilang panahon ay ma-  
mamalagi kailan man.
- 16 Kaniyang pakakanin sila naman ng  
katabaan ng trigo:  
At sa pulot na mula sa bato ay kabu-  
busugan mo.
- 82** *Awit ni Asaf.*
- 1 Ang Dios ay tumatayo sa kapulungan  
ng Dios;  
Siya'y humahatol sa gitna ng mga  
dios.
- 2 Hangang kailan hahatol kayo ng  
kalikuan,  
At gagalang sa mga pagkatawo ng  
masama? [Selah
- 3 Iyong hatulun ang dukha at ulila:

- Bigyan mo ng matuid ang napipighati at walang nagkakandili.
- 4 Iyong iligtas ang dukha at mapagkailaungan:  
Iligtas ninyo sila sa kamay ng masama.
- 5 Hindi nila natatalastas, o nalalaman man;  
Sila'y lumalakad na paroo't parito sa kadiliman:  
Lahat ng cimientong lupa ay nakilos.
- 6 Aking sinabing, Kayo'y mga dios, At kayong lahat ay mga anak ng Kataastaasan.
- 7 Gayon ma'y mamamatay kayong parang mga tawo,  
At mabubual na parang isa sa mga pangulo.
- 8 Ikaw ay bumangon, Oh Dios, hatulan mo ang lupa:  
Sapagka't iyong wamanahin ang lahat na nasyon.

## 83

*Awit, Salmo ni Asaf.*

- 1 Oh Dios, huag kang tumahimik:  
Huang kang mapayapa, at tumigil, Oh Dios.
- 2 Sapagka't, narito, ang iyong mga kaway ay nangugulo:  
At silang napopoot sa iyo ay nagtaas ng ulo.
- 3 Sila'y tumanggap ng payong magdaraya laban sa iyong bayan,  
At nagsanggunian laban sa iyong mga nakakubli.
- 4 Kanilang sinabing, Kayo'y parito at atin silang ihawalay sa pagkanacion;  
Upang ang pangalan ng Israel ay huag ng maalala pa.
- 5 Sapagka't sila'y nagsanguniang magkakasama na may isang pagkakaayo;  
Laban sa iyo ay gumagawa sila ng tipan:
- 6 Ang mga dampa ng Edom at ang mga Ismaelita;  
Ang Moab at ang mga Hagareno;
- 7 Ang Gebal, at ang Amon, at ang Amalek;  
Ang Filistia sampuo ng mga mananahan sa Tiro:
- 8 Pati ng Asiria ay nalalakip sa kanila;  
Kanilang tinulungan ang mga anak ni Lot. [Selah]
- 9 Gumawa ka sa kanila ng gaya sa Midian;

- Gaya kay Sisera, gaya kay Jabin, sa ilog ng Kison:
- 10 Na nangamatay sa En-dor;  
Sila'y naging parang dumi sa lupa.
- 11 Gawin mo ang kanilang mga mahal na gaya ni Orebat ni Zeeb;  
Oo, lahat nilang mga pangulo ay gaya ng Zeba at ng Zalmuna:
- 12 Na siyang nagsipagsabing, Ating kunin sa atin na pinakaari  
Ang mga tahanan ng Dios.
- 13 Oh Dios ko, gawin mo silang parang ipoipong alabok;  
Na parang dayami sa harap ng hangin.
- 14 Na parang apoy na sumusunog ng gubat,  
At parang liab na lumalapag na apoy sa mga bundok;
- 15 Kaya't habulin mo sila ng iyong bagyo,  
At pangilabutin mo sila ng iyong malakas na hangin.
- 16 Punuin mo ang kanilang mga mukha ng pagkagulo;  
Upang hanapin nila ang iyong pangalan, Oh PANGINOON.
- 17 Mapahiya sila at manglupaypay magpakailan man;  
Oo, malito sila at malipol:
- 18 Upang kanilang makilala na ikaw lamang, na ang pangalan ay JEHOVA,  
Ay Kataastaasan sa boong lupa.

84 *Sa Funong Musiko; Inihanda sa Gitit.*  
*Awit ng mga anak ni Kore.*

- 1 | Pagka maibigin ng iyong mga tabernakulo,  
Oh PANGINOON ng mga hukbo!
- 2 Ang aking kalulua ay nagbubuntong hininga, oo, nanglulupaypay sa mga looban ng PANGINOON;  
Ang aking puso at ang aking laman ay dumadaing sa buhay na Dios.
- 3 Oo, ang maya ay nakasumpung ng bahay,  
At ang langay-langayan ay pugad para sa kaniya, na kalalapagan niya ng kaniyang itakay,  
Ang iyong mga altar, Oh PANGINOON ng mga hukbo,  
Hari ko, at Dios ko.
- 4 Mapalad silang tumatahan sa iyong bahay:  
Kanilang pupurihin kang palagi. [Selah]
- 5 Mapalad ang tawo na ang kalakasan ay nasa iyo;

- Na may mga daan para sa Zion sa kaniyang puso.
- 6 Na sa pagdaraan sa libis ng Pag-iyak ay ginagawa nilang lugar ng mga bukal;  
Oo, tinatakpan ng pagpapala ng maagang ulan.
- 7 Sila'y yumayaon sa kalakasa't kalakasan,  
Silang lahat ay napakikita sa harap ng Dios sa Zion.
- 8 Oh PANGINOONG Dios ng mga hukbo, dingin mo ang aking dalangin:  
Iyong pakingsan, Oh Dios ni Jakob. [Selah]
- 9 Iyong masdan, Oh Dios na aming kalasag,  
At iyong tingnan ang mukha ng iyong pinahiran.
- 10 Sapagka't isang araw sa iyong mga looban ay mabuti kay sa isang libo sa labas.  
Aking minagaling na maging tagatanod pinto sa bahay ng aking Dios,  
Kay sa tumahan sa mga dampa ng kasam-an.
- 11 Sapagka't ang PANGINOONG Dios ay araw at kalasag:  
Ang PANGINOONG magbibigay ng biyaya at kalualhatian:  
Hindi siya magkakait ng ano mang mabuting bagay sa mga lumalakad ng matuid.
- 12 Oh PANGINOON, ng mga hukbo, Mapalad ang tawo na umaasa sa iyo.

## 85 *Sa Punong Musiko. Awit ng mga anak ni Kore.*

- 1 PANGINOON, ikaw ay naging nakalulugod sa iyong lupain:  
Iyong ibinalik ang pagkabiha ng Jakob.
- 2 Iyong pinatawad ang kasam-an ng iyong bayan,  
Iyong tinakpan ang lahat nilang kasalanan. [Selah]
- 3 Iyong inalis ang lahat mong pag-iinit:  
Iyong tinalikuran ang kabangisan ng iyong galit.
- 4 Ibalik mo kami, Oh Dios ng aming kaligtasan,  
At patigilin mo ang iyong galit sa amin.
- 5 Hindi magagalit ka ba sa amin magpakailanman?  
Iyo bang ipagpapatuloy ang iyong galit sa boong panahon?

- 6 Hindi mo ba kami bubuhayin uli:  
Upang ang iyong bayan ay magalak sa iyo?
- 7 Ipakita mo sa amin ang iyong kaawaan,  
Oh PANGINOON,  
At ipagkaloob mo sa amin ang iyong kaligtasan.
- 8 Aking pakikingsan kung ano ang sasalitain ng Dios na PANGINOON:  
Sapagka't siya'y magsasalita ng kapayapaan sa kaniyang bayan at sa kaniyang mga santo:  
Nguni't huag silang magbalik uli sa kaululan.
- 9 Tunay na ang kaniyang kaligtasan ay malapit sa kanila na natatakot sa kaniya;  
Upang ang kalualhatian ay tumahan sa aming lupain,
- 10 Kaawaan at katotohanan ay nagsalubong;  
Kabanalan at kapayapaan ay naghalikan.
- 11 Katotohanan ay bubukal sa lupa;  
At ang kabanalan ay tumungo mula sa langit.
- 12 Oo, ibibigay ng PANGINOON ang mabuti;  
At ang ating lupain ay magdadala ng kaniyang bunga.
- 13 Kabanala'y mangunguna sa niya;  
At ilalagay tayo sa daan ng kaniyang mga bakas.

## 86 *Isang Dalangin ni David.*

- 1 Iyong ikiling ang iyong pakinig, Oh PANGINOON, at sagutin mo ako;  
Sapagka't ako'y dukha at mapagkailangan.
- 2 Inatan mo ang aking kalulua; sapagka't ako'y banal:  
Oh ikaw na Dios ko, ilitas mo ang iyong alipin na umaasa sa iyo.
- 3 Maawa ka sa akin, Oh Panginoon,  
Sapagka't sa iyo'y dumadaing ako boong araw.
- 4 Pagalakin mo ang kalulua ng iyong alipin;  
Sapagka't sa iyo, Oh Panginoon, itinataas ko ang aking kalulua.
- 5 Sapagka't ikaw, Panginoon, ay mabuti, at mapagpatawad,  
At sagana sa kaawan sa lahat na kumatawag sa iyo.
- 6 Iyong dingin, Oh PANGINOON, ang aking dalangin;

- At pakingan mo ang voces ng aking mga pamanbik.
- 7 Sa araw ng aking kabagabagan ay tatawag ako sa iyo ;  
Sapagka't iyong sasagutin ako.
- 8 Walang gaya mo sa gitna ng mga dios, Oh Panginoon ;  
At wala mang *mga gawang* gaya ng iyong mga gawa.
- 9 Lahat na nacion na iyong nilalang ay paririto at sasamba sa harap mo, Oh Panginoon ;  
At kaniang lulualhatiin ang iyong pangalan.
- 10 Sapagka't ikaw ay dakila, at gumagawa ng mga kagilagilalas na mga bagay :  
Ikaw lamang ang Dios.
- 11 Ituro mo sa aking ang iyong daan, Oh PANGINOON ; lalakad ako sa iyong katotohanan ;  
Ilakip mo ang aking puso sa pagkatakot sa iyong pangalan.
- 12 Aking pupurihin kita, Oh Panginoon aking Dios, ng aking boong puso ;  
At aking lulualhatiin ang iyong pangalan magpakailan man.
- 13 Sapagka't malaki ang iyong kaawaan sa akin ;  
At iyong iniligtas ang aking kalulua sa pinakamalalim na hukay.
- 14 Oh Dios, ang palalo ay bumangon laban sa akin,  
At ang kapulungan ng mga marahas na tawo ay umusig ng aking kalulua, At hindi inilagay ka sa harap nila.
- 15 Ngumi't ikaw, Oh Panginoon ay Dios na puspos ng kaawaan at biyaya, Banayad sa pagkagalit, at sagana sa kaawaan at katotohanan.
- 16 Oh bumalik ka sa akin, at maawa ka sa akin ;  
Ibigay mo ang iyong kalakasan sa iyong alipin,  
At iligtas mo ang anak ng iyong aliping babaye.
- 17 Pagpakitaan mo ako ng tanda sa ikabubuti :  
Upang makita nilang napopoot sa akin, at mapahiya,  
Sapagka't ikaw, PANGINOON, tumulong sa akin, at umaliw sa akin.
- 2 Minahal ng PANGINOON ang mga pintuang-daan ng Zion,  
Ng higit kay sa lahat na tahanan ng Jakob.
- 3 Mga malualhating bagay ang sinalita tungkol sa iyo,  
Oh ciudad ng Dios. [Selah]
- 4 Aking babangitin ang Rahab at ang Babilonia ng gaya ng mga nakakakilala sa akin :  
Narito, ang Filistia at ang Tiro, sampuo ng Etiopia ;  
Ang isang ito ay ipinanganak diyan.
- 5 Oo, sa Zion ay sasabihin, Ang isang ito at ang isang yaon ay ipinanganak sa kaniya ;  
At itatag siya ng Kataastaasan.
- 6 Bibilaugin ng PANGINOON, pagka kaniyang isinulat ang mga bayan,  
Ang isang ito ay ipinanganak diyan. [Selah]
- 7 Silang umaawit na gaya ng sumasayaw ay magsasabing,  
Lahat ng aking mga bukal ay nasa iyo.

**88** *Awit, Salmo ng mga anak ni Kore ;  
Sa Punong Musiko ; Inihanda sa  
Mahalat Leanoth. Maskil ni He-  
man na Ezzahita.*

- 1 Oh PANGINOON, na Dios ng aking kaligtasan,  
Ako'y dumaing araw at gabi sa harap mo :
- 2 Masok ang aking dalangin sa iyong harap ;  
Ikiling mo ang iyong pakinig sa aking daing :
- 3 Sapagka't ang aking kalulua ay puno ng kabagabagan,  
At ang aking buhay ay lumalapit sa libingan.
- 4 Ako'y nabilang sa kanila na bumababa sa hukay ;  
Ako'y parang lalaki na walang tumulong :
- 5 Nakahagis sa gitna ng mga patay,  
Gaya ng napatay na nahihiga sa libingan,  
Na hindi mo na nazalala ;  
At sila'y nahawalay sa iyong kamay.
- 6 Iyong inihiga ako sa pinakamababang hukay,  
Sa mga madilim na lugar, sa mga kalaliman.
- 7 Ang iyong pag-iinit ay lumalapag na mahigpit sa akin.

**87** *Salmo ng mga anak ni Kore ; Awit.*

- 1 Ang kaniyang ciuiento ay nasa mga santong bundok.

At iyong pinipighati ako ng iyong lahat na mga alon. [Selah

8 Iyong inilayo sa akin ang aking kakilala;

Iyong ginawa akong kasuklamsuklam sa kanila:

Ako'y nakulong at hindi ako makalabas.

9 Ang aking mata ay nangangalumata dahil sa pagkapighati:

Ako'y tumawag araw-araw sa iyo, Oh PANGINOON,

Aking iniinat ang aking mga kamay sa iyo.

10 ¿Ipakikita mo ba ang mga kababalaghan sa mga patay?

¿Sila bang mga patay ay babangon, at pupuri sa iyo? [Selah

11 ¿Ang iyo bang kagandahang-loob ay ihahayag sa libingan?

¿O ang iyong pagtatapat sa Kagibaan?

12 ¿Makikilala ba ang iyong mga kababalaghan sa dilim?

¿At ang iyong kabanalan sa lupain ng kalimutan?

13 Nguni't sa iyo, Oh PANGINOON, dumaing ako,

At sa kinaumagahan ay darating ang aking dalangin sa harap mo.

14 PANGINOON, ¿bakit mo itinatakuil ang aking kalulua?

¿Bakit mo ikinukubli ang iyong mukha sa akin?

15 Ako'y nagdadalita, at madaling mamamatay mula sa aking kabataan:

Habang aking tinitis ang iyong mga kakilakilabot ay nawawalan ng pagasa ako.

16 Ang iyong mabangis na pag-iinit ay dumaan sa akin;

Inihawalay ako ng iyong mga kakilakilabot.

17 Kanilang kinulong ako na parang tubig boong araw;

Kanilang kinulong ako na magkaka-sama.

18 Mangliligaw at kaibigan ay inilayo mo sa akin,

At ang aking kakilala ay sa dilim.

## 89

*Maskil ni Ekan na Ezrahita.*

1 Aking aawitin ang kaawaan ng PANGINOON magpakailan man:

Aking ipakikilala ng aking bibig ang iyong pagtatapat sa lahat ng lahi.

2 Sapagka't aking sinabing, Kaawaan ay matatayo magpakailan man; Ang iyong pagtatapat ay iyong itatag sa mga langit.

3 Ako'y gumawa ng tipan sa aking pili, Aking isinumpa kay David na aking alipin:

4 Ang iyong binhi ay itatag ko magpakailan man, At aking itatayo ang iyong luklukan sa lahat ng lahi. [Selah

5 At pupurihin ng mga langit ang iyong mga kababalaghan, Oh PANGINOON; Ang iyong pagtatapat naman sa kapisanan ng mga santo.

6 Sapagka't ¿sino sa mga langit ang maitutulad sa PANGINOON?

¿Sino sa gitna ng mga anak ng makapangyarihan ang gaya ng PANGINOON,

7 Isang Dios na kakilakilabot sa mga pulong ng mga santo, At kinatatakutan ng higit sa lahat na nasa palibot niya?

8 Oh PANGINOONG Dios ng mga hukbo, ¿Sino ang makapangyarihang gaya mo, Oh JAH?

At ang iyong pagtatapat ay nasa palibot mo.

9 Iyong pinagpupunuan ang kapalaluan sa dagat:

Pagka ang mga alon noon ay bumabangon, iyong pinatitigil.

10 Iyong pinagpirapiraso ang Rahab na parang napatay;

Iyong pinangalat ang iyong mga kaaway ng kamay ng iyong kalakasan.

11 Ang mga langit ay iyo, ang lupa ay iyo rin:

Ang sanlibutan at ang nandoon ay iyong nilikha.

12 Ang hilagagan at ang timugan, iyong nilikha:

Ang Tabor at ang Hermon ay nangagagalak sa iyong pangalan.

13 Ikaw ay may makapangyarihang kamay:

Matibay ang iyong kamay, at mataas ang iyong kanan.

14 Kabanalan at kahatulan ay cimientong ng iyong luklukan:

Kaawaan at katotohanan ay nagpa-pauna sa iyong mukha.

15 Mapalad ang bayan na nakakaalam ng masayang tunog:

- Sila'y lumalakad, Oh PANGINOON, sa liwanag ng iyong mukha.
- 16 Sa iyong pangalan ay nagagalak sila boong araw :  
At sa iyong kabanalan ay nataas sila.
- 17 Sapagka't ikaw ang kalualhatian ng kanilang kalakasan :  
At sa iyong biyaya ay matataas ang aming sungay.
- 18 Sapagka't ang aming kalasag ay ukol sa PANGINOON ;  
At ang aming hari ay sa Santo ng Israel.
- 19 Ng magkagayo'y nagsalita ka sa malikmata sa iyong mga santo,  
At iyong sinabing, Aking ipinagkatiwala ang saklolo sa isang makapangyarihan ;  
Aking itinaas ang isang pili sa bayan.
- 20 Aking nasumpungan si David na aking alipin ;  
Aking pinahiran siya ng aking santong langis :
- 21 Ang aking kamay ay matatag na sasa kaniya ;  
Palalakin naman siya ng aking kamay.
- 22 Hindi dadahas sa kaniya ang kaaway ;  
O pipighatiin man siya ng anak ng kasam-an.
- 23 At aking ibubual ang kaniyang mga kaaway sa harap niya,  
At aking susugatan ang napopoot sa kaniya.
- 24 Nguni't ang aking pagtatapat at ang aking kaawaan ay sasa kaniya ;  
At sa aking pangalan ay matataas ang kaniyang sungay.
- 25 Akin namang ilalapag ang kaniyang kamay sa dagat,  
At ang kaniyang kanan ay sa mga ilog.
- 26 Siya'y dadaing sa aking, Ikaw ay aking ama,  
Aking Dios, at bato ng aking kaligtasan.
- 27 Akin namang gagawin siyang aking panganay,  
Na pinakamataas sa mga hari sa lupa.
- 28 Ang aking kaawaan ay aking iingat sa kaniya magpakailan man,  
At ang aking tipan ay magtatapat sa kaniya.
- 29 Ang kaniya namang binhi ay aking itatatag magpakailan man,  
At ang kaniyang luklukan ay gaya ng mga araw ng langit.
- 30 Kung kinalimutan ng kaniyang mga anak ang aking kautusan,  
At hindi lumakad sa aking mga kahatulan ;
- 31 Kung kanilang lapastanganin ang aking mga palatuntunan,  
At hindi iningatan ang aking mga utos ;
- 32 Kung magkagayo'y aking dadalawin ng tungkod ang kanilang mga pag-salangsang,  
At ng mga pamalo ang kanilang kasam-an.
- 33 Nguni't ang aking kaawaan ay hindi ko lubos na aalisin sa kaniya,  
O akin mang titisin na ang aking pagtatapat ay magkulang.
- 34 Ang aking tipan ay hindi ko sisirain,  
O akin mang babaguin ang bagay na lumabas sa aking mga labi.
- 35 Minsan ay sumumpa ako sa pamamagitan ng aking kasantusan ;  
Hindi ako magbubulaan kay David ;
- 36 Ang kaniyang binhi ay magmamatigas kailan man,  
At ang kaniyang luklukan ay parang araw sa harap ko.
- 37 Matatatag magpakailan man na parang buan,  
At parang tapat na saksi sa langit. [Selah
- 38 Nguni't iyong itinakuil at niwalang kabuluhan,  
Ikaw ay nag-iinit sa iyong pinahiran.
- 39 Iyong kinapootan ang tipan ng iyong alipin :  
Iyong dinumhan ang kaniyang korona hangang sa lupa.
- 40 Iyong ibinagsak ang lahat niyang bakod ;  
Iyong dinala sa pagkasira ang kaniyang mga katibayan.
- 41 Lahat na dumaraan sa langganan ay sumasamsam sa kaniya :  
Siya'y naging kadustaan sa kaniyang mga kalapit.
- 42 Iyong itinaas ang kanan ng kaniyang mga kaaway ;  
Iyong pinagalak ang lahat niyang mga kaaway.
- 43 Oo, iyong ibinaligtad ang talim ng kaniyang tabak,  
At hindi mo itinayo siya sa pakikipagbaka.
- 44 Iyong pinatigil ang kaniyang kakinangan,

- At iyong ibinagsak ang kaniyang luklukan sa lupa.
- 45 Iyong pinaikli ang mga kaarawan ng kaniyang kabinataan:  
Iyong tinakpan siya ng kahihiyayan. [Selah]
- 46 *Hangang kailan, Oh PANGINOON, magkukubli ka magpakailan man?*  
*Hangang kailan magniningas ang iyong pag-iinit na parang apoy?*
- 47 Oh iyong alalahanin kung gaanong kaikli ang aking panahon:  
*Sapagka't bakit walang kabuluhang nilalang mo ang lahat ng anak ng mga tawo!*
- 48 *Sinong lalaki ang mabubuhay at hindi makakakita ng kamatayan, Na makapagliligtas ng kaniyang kalu-*
- lua sa kapangyarihan ng libi-  
ngan? [Selah]
- 49 Panginoon, *¿*saan nandoon ang iyong mga dating kaawaan,  
Na iyong isinumpa kay David sa iyong pagtatapat?
- 50 Iyong alalahanin, Panginoon, ang kaddustaan ng iyong mga alipin;  
Kung paanong aking dinadala sa aking sinapupunan *ang pagdusta ng* lahat na makapangyarihang bayan;
- 51 Na pinagdustaan ng iyong mga kaaway, Oh PANGINOON,  
Na kanilang pinagdustaan ng mga bakas ng iyong pinahiran.
- 52 Purihin ang PANGINOON, magpakailan man.  
Siya nawa, ~~at~~ Siya nawa.

## IKAAPAT NA LIBRO.

90 *Dalanin ni Moises na lalaki ng Dios.*

- 1 Panginoon, ikaw ay naging tahanan ng lugar  
Sa lahat ng lahi.
- 2 Bago ang mga bundok ay nalabas,  
O iyong nilikha ang lupa at ang sanlibutan,  
Mula sa walang hangan hangang sa walang hangan, ikaw ang Dios.
- 3 Iyong pinapagiging kagibaan ang tawo;  
At iyong sinasabing, Magbalik kayo, kayong mga anak ng mga tawo.
- 4 Sapagka't isang libong panahon sa iyong pauingin  
Parang kahapon lamang ng makaraan,  
At parang pagpupuyat sa kinagabihan.
- 5 Iyong mga dinadala na para ng baha;  
sila'y parang pagkakatulog:  
Sa kinaumagahan ay parang damo sila na tumutubo.
- 6 Sa kinaumagahan ay namumulaklak at tumutubo;  
Sa kinahapunan ay pinuputol at nalalanta.
- 7 Sapagka't kami ay nasupok sa iyong galit,  
At sa iyong pag-iinit ay nabagabag kami.
- 8 Iyong inilagay ang aming kasaman sa harap mo,
- Ang aming lihim na mga kasalanan sa liwanag ng iyong mukha.
- 9 Sapagka't lahat naming kaarawan ay dumaan sa iyong pag-iinit:  
Aming dinadala ang aming mga taon sa wakas na parang buntong-hininga.
- 10 Ang mga kaarawan ng aming mga taon ay pitong puong taon,  
O dahil sa kalakasan ay *umaabot ng* walong puong taon;  
Gayon may ay kanilang kapalaluan lamang ay gawa at kapanlawan;  
Sapagka't madaling napapawi, at kami ay lumilipad.
- 11 *¿*Sinong nakakaalam ng kapangyarihan ng iyong galit,  
At ng iyong pag-iinit ayon sa katakutan na marapat sa iyo?
- 12 Kaya ituro mo sa amin ang pagbilang ng aming mga kaarawan,  
Upang kami ay magtamo sa amin ng pusong may karunungan.
- 13 Ikaw ay magbalik, Oh PANGINOON;  
*¿*hangang kailan pa?  
At iyong pagsisihan ang tungkol sa iyong mga alipin.
- 14 Oh busugin mo kami sa kanaumagahan ng iyong kaawaan;  
Upang kami ay magalak at matua sa lahat ng kaarawan namin.
- 15 Pasayahin mo kami ayon sa mga kaarawan na iyong ipinighati sa amin,

- At sa mĀ taon na aming ikinakita nĀ kasam-an.
- 16 Malitaw ang iyong gawa sa iyong mĀ alipin,  
At ang iyong kalualhatian sa kanilang mĀ anak.
- 17 At sumasamin ang kagandahan nĀ PANĀINOONG aming Dios:  
At iyong itatag sa amin ang gawa nĀ aming mĀ kamay;  
O, ang gawa nĀ aming mĀ kamay ay iyong itatag.

- 91 Siyang tumatahan sa lihim na lugar nĀ Kataastaasan  
Tatahan sa lilim nĀ Makapangyarihan-sa-lahat.
- 2 Aking sasabihin tunĀkol sa PANĀINOON, Siya'y aking silunĀan at aking katihayan;  
Ang aking Dios na siyang aking inaa-sahan.
- 3 Sapagka't kaniyang ililigtas ka sa silo nĀ maninilo,  
At sa mangwawasak na salot.
- 4 Kaniyang tatakpan ka nĀ kaniyang mĀ balahibo,  
At sa ilalim nĀ kaniyang mĀ pakpak ay sisilong ka:  
Arg kaniyang katotohanan ay sapyaw at kalasag.
- 5 Ikaw ay hindi matatakot nĀ kakilabutan sa kinagabihan,  
O sa pana man na lumilipad sa araw;
- 6 Dahil sa salot na lumalakad sa kudi-liman,  
O dahil sa paggiba na sumisira sa katanghaliang tapat.
- 7 Isang libo ay mabubual sa iyong si-ping,  
At sampuon libo sa iyong kanan;  
NĀuni't hindi lalapit sa iyo.
- 8 Iyong mamasdan lamang nĀ iyong mĀ mata,  
At iyong makikita ang ganti sa ma-sama.
- 9; Sapagka't ikaw, Oh PANĀINOON, ay aking silunĀan!  
Iyong ginawa ang Kataastaasan na i-yong tahanan;
- 10 Walang kasam-ang mangyayari sa iyo,  
O ano mang salot ay lalapit sa iyong dampang.
- 11 Sapagka't siya'y magbibilin sa iyong mĀ angel tungkol sa iyo,  
Upang ingatan ka sa lahat nĀ iyong mĀ lakad.

- 12 Kanilang dadalhin ka sa kanilang mĀ kamay,  
Baka ikaw ay matisod nĀ iyong paa sa isang bato.
- 13 Iyong yayapakan ang leon at ang ulupong:  
Ang anak nĀ leon at ang ahas ay tuntungan mo sa ilalim nĀ iyong mĀ paa.
- 14 Sapagka't kaniyang inilagak ang kaniyang pag-ibig sa akin, kaya't aking ililigtas siya:  
Aking ilalagay siya sa mataas, sapagka't kaniyang nakilala ang aking pangalan.
- 15 Siya'y tatawag sa akin, at sasagutin ko siya;  
Ako'y makakasama niya sa kabagabagan:  
Aking ililigtas siya, at pararangalin siya.
- 16 Aking bubusugin siya nĀ mahabang buhay,  
At ipakikita ko sa kaniya ang aking pagliligtas.

## 92 *Salmo, Awit sa araw nĀ Sabado.*

- 1 Isang mahuting bagay ang magpasalamat sa PANĀINOON,  
At umawit nĀ mĀ pagpupuri sa iyong pangalan, Oh Kataastaasan:
- 2 Magpakilala nĀ iyong kagandahang-loob sa kinaumagahan,  
At nĀ iyong pagtatapat gabigabi,
- 3 Na may instrumentong sampuon guerdas, at may salterio;  
Na may dakilang tunog sa alpa.
- 4 Sapagka't ikaw, PANĀINOON, iyong pinasaya ako sa iyong gawa:  
Ako'y magtatagumpay sa mĀ gawa nĀ iyong mĀ kamay.
- 5; Pagkalaki nĀ iyong mĀ gawa, Oh PANĀINOON!  
Ang iyong mĀ pag-lisip ay totoong malalim.
- 6 Ang tawong hangal ay hindi naka-kaalam;  
O natatalastas man ito nĀ mangmang:
- 7 Pagka ang masama ay sumisibol na purang damo,  
At pagka namumulaklak ang lahat na mangagawa nĀ kasam-an;  
Ay upang magiba sila magpakailan man:
- 8 NĀuni't ikaw, Oh PANĀINOON, ay naca mataas magpakailan man.



- 9 Sapagka't, narito, ang iyong mga kaaway, Oh PANGINOON,  
Sapagka't, narito, ang iyong mga kaaway ay malilipol;  
Lahat ng mangagawa ng kasam-an ay mangangalat.
- 10 Ngunit ang aking sungay ay iyong pinataas na gaya ng sungay ng mabangis na toro:  
Ako'y napahiran ng bagong langis.
- 11 Nakita naman ng aking mata ang nasa ko sa aking mga kaaway,  
Narinig ng aking pakinig ang nasa ko sa mga mangagawa ng kasam-an na bumabangon laban sa akin.
- 12 Ang banal ay mamumulaklak na parang puno ng palma:  
Siya'y tutubo na parang cedro sa Lebano.
- 13 Silang natanim sa bahay ng PANGINOON  
Mamumulaklak sa mga looban ng aming Dios.
- 14 Sila'y magbubunga sa katandaan;  
Sila'y mapupuno ng ubod at kasariwaan:
- 15 Upang ipakilala na ang PANGINOON ay matuid;  
Siya'y aking burol at walang kalikuan sa kaniya.
- 93** Ang PANGINOON ay naghahari; siya'y nananamit ng kamahalan; Ang PANGINOON ay nananamit, siya'y nagbigkis ng kalakasan:  
Ang sanlibutan naman ay natatag, na hindi mabago.
- 2 Ang iyong luklukan ay natatag ng una:  
Ikaw ay mula sa walang hangan.
- 3 Ang mga baha ay nagtaas, Oh PANGINOON,  
Ang mga baha ay nagtaas ng kanilang voces;  
Ang mga baha ay nagtaas ng kanilang mga alon.
- 4 Ng higit sa mga hugong ng maraming tubig,  
Sa makapangyarihang lagaslas ng dagat,  
Ang PANGINOON sa itaas ay makapangyarihan.
- 5 Ang iyong mga patotoo ay totoong tunay:  
Ang kasantusan ay marapat sa iyong bahay,  
Oh PANGINOON, magpakailan man.

- 94** Oh PANGINOON, ikaw na Dios na kinauukolan ng panghihiganti, Ikaw na Dios na kinauukolan ng panghihiganti, sumilang ka.
- 2 Tumayo ka, ikaw na hukom sa lupa:  
Ibigay mo sa palalo ang ganti sa kanila.
- 3 PANGINOON, hangang kailan ang masama,  
Hangang kailan magtatagumpay ang masama?
- 4 Sila'y dumadaldal, sila'y nagsasalita na may kagilasan:  
Lahat na mangagawa ng kasam-an ay nagmamalaki.
- 5 Kanilang pinagpipirapiraso ang iyong bayan, Oh PANGINOON,  
At pinipighati ang iyong mana.
- 6 Kanilang pinapatay ang bao at ang taga ibang lupa,  
At pinapatay ang ulila.
- 7 At kanilang sinasabing, Ang PANGINOON hindi makakakita,  
O pakukundangan man ng Dios ng Jakob.
- 8 Inyong bulayin, ninyong mga hangal sa gitna ng bayan:  
At kayong mga mangmang, kailan tayo magiging pantas?
- 9 Siyang nagtanim ng pakinig, hindi ba siya makakarinig?  
Siyang lumikha ng mata, hindi ba siya makakakita?
- 10 Siyang nagpaparusa sa mga nasyon, hindi ba siya sasaway,  
Siyang nagtuturo sa tawo ng kaalaman?
- 11 Nalalaman ng PANGINOON ang mga pag-iisip ng tawo,  
Na pawang walang kabuluhan.
- 12 Mapalad ang tawo na iyong pinarurusahan, Oh PANGINOON,  
At tinuturuan mo sa iyong kautusan;
- 13 Upang iyong mabigyan ng kapahingahan sa mga kaarawan ng kapighatian,  
Hangang sa mahukay ang hukay para sa masama.
- 14 Sapagka't hindi itatakuil ng PANGINOON ang kaniyang bayan,  
O pababayaan man niya ang kaniyang mana.
- 15 Sapagka't kahalulan ay babalik sa kabanalan:  
At susundan ng lahat na matuid sa puso.
- 16 Sino ang magbabangon dahil sa

- akin laban sa mġa mangagawa ng kasam-an?  
 ¿Sinong tatayo dahil sa akin laban sa mġa mangagawa ng kasam-an?
- 17 Kungdi ang PANGINOON ay naging aking katulong,  
 Ang aking kalulua ay tumahang madali sana sa katahimikan.
- 18 Ng aking sinasabing, Ang aking paa ay natitisd ;  
 Tinutulungan ako ng inyong kaawaan, Oh PANGINOON.
- 19 Sa karamihan ng aking mġa pag-iisip sa loob ko  
 Ang inyong mġa pag-aliw ay nagbibigay lugod sa aking kalulua.
- 20 ¿Magkakaroon ba ng pakikipagkasama sa iyo ang luklukan ng kasam-an,  
 Na umaapi sa pamamag-itan ng palatuntunan ?
- 21 Sila'y nagpipisan laban sa kalulua ng banal,  
 At pinarusahan nila ang walang salang dugo.
- 22 Nguni't ang PANGINOON ay naging aking matayog na moog ;  
 At ang aking Dios ay bato na aking silungan.
- 23 At dinala niya sa kanila ang kanilang sariling kasam-an,  
 At ihihiwalay niya sila sa kanilang sariling kasam-an ;  
 Ihihiwalay sila ng PANGINOONG ating Dios.
- 95 Oh parito kayo, tayo'y umawit sa PANGINOON :  
 Tayo'y gumawa ng ingay na kagalakan sa burol ng ating kaligtasan.
- 2 Tayo'y humarap sa kaniyang harap na may pagpapasalamat,  
 Tayo'y gumawa ng ingay na kagalakan sa kaniya na may mġa pag-aawitan.
- 3 Sapagka't ang PANGINOON ay dakilang Dios,  
 At dakilang Hari sa lahat ng mġa dios.
- 4 Nasa kaniyang kamay ang mġa malalim na lugar ng lupa ;  
 Ang mġa kataasan ng mġa bundok ay kaniya rin.
- 5 Ang dagat ay kaniya, at kaniyang ginawa ;  
 At ang kaniyang mġa kamay ay lumikha ng tuyong lupa.
- 6 Oh parito kayo, tayo'y sumamba at yumukod ;

- Tayo'y lumohod sa harap ng PANGINOON, na Taga-lalang sa atin :
- 7 Sapagka't siya'y ating Dios,  
 At tayo'y bayan sa kaniyang pasabsaban, at mġa tupa sa kaniyang kamay. Ngayon, ¿Oh kung inyong didingin ang kaniyang voces !
- 8 Huag ninyong patigas ang inyong puso, gaya sa Meriba,  
 Gaya sa kaarawan ng Masa sa ilang :
- 9 Ng tukuhin ako ng inyong mġa magulang,  
 Tinikman ako, at nakita ang aking gawa.
- 10 Apat na puong taon namanlaw ako sa lahing yaon,  
 At aking sinabing, Bayan na nagkakamali sa kanilang puso,  
 At hindi nila nalaman ang aking mġa lakad :
- 11 Kaya't ako'y sumumpa sa aking pag-iinit,  
 Na sila'y hindi papasok sa aking kapingahan.

- 96 Oh umawit kayo sa PANGINOON ng bagong awit :  
 Umawit kayo sa PANGINOON, boong lupa.
- 2 Umawit kayo sa PANGINOON, purihin ninyo ang kaniyang pangalan ;  
 Ihayag ninyo ang kaniyang pagliligtas sa araw-araw.
- 3 Isaysay ninyo ang kaniyang kalualhatian sa mġa naġion,  
 Ang kaniyang kagilagilalas na mġa gawa sa lahat ng bayan.
- 4 Sapagka't dakila ang PANGINOON, at marapat na purihin :  
 Siya'y kinatatatungang higit kay sa lahat na mġa dios.
- 5 Sapagka't lahat ng dios sa mġa bayan ay walang kabuluhan :  
 Nguni't nilikha ng PANGINOON ang mġa langit.
- 6 Karangalan at kamahalan ay nasa harap niya :  
 Kalakasan at kagandahan ay nasa kaniyang santuario.
- 7 Magbigay kayo sa PANGINOON, kayong mġa kamag-anakan ng mġa bayan,  
 Magbigay kayo sa PANGINOON ng kalualhatian at kalakasan.
- 8 Magbigay kayo sa PANGINOON ng kalualhatian ng ukol sa kaniyang pangalan :  
 Kayo'y magdala ng handog, at masok kayo sa kaniyang mġa looban.

- 9 Oh sambahin ninyo ang PANGINOON sa kagandahan ng kasantosan :  
Manginig kayo sa harap niya, boong lupa.
- 10 Inyong sabihin sa gitna ng mga nasyon, Ang PANGINOON ay naghahari :  
Ang sanlibutan naman ay natatatag na hindi makikilos :  
Kaniyang hahatulan ang mga bayan ng matuid.
- 11 Matua ang mga langit at magalak ang lupa ;  
Humugong ang dagat, at ang nandoon ;
- 12 Sumaya ang parang at lahat na nasa kaniya ;  
Kung magkagayo'y sawit dahil sa kagalakan, ang lahat na punong kahoy sa gubat ;
- 13 Sa harap ng PANGINOON, sapagka't siya'y dumarating ;  
Sapagka't siya'y dumarating upang hatulan ang lupa :  
Kaniyang hahatulan ng kabanalan ang sanlibutan,  
At ng kaniyang katotohanan ang mga bayan.
- 97** Ang PANGINOON ay naghahari ;  
magalak ang lupa ;  
Matua ang karamihan ng mga pulo.
- 2 Mga alapaap at kadiliman ay nasa palibot niya :  
Kabanalan at kahatulan ay cimientong ng kaniyang luklukan.
- 3 Apoy ay nagpapadna sa kaniya,  
At sinusunog ang kaniyang mga kaway sa palibot.
- 4 Tumatanlaw ang kaniyang mga kidlat sa sanlibutan :  
Nakita ng lupa, at nanginig.
- 5 Ang mga burol ay natunaw na parang pagkit sa harap ng PANGINOON,  
Sa harap ng Panginoon ng boong lupa.
- 6 Inihayang ng mga langit ang kaniyang kabanalan,  
At nakita ng lahat na bayan ang kaniyang kalualhatian.
- 7 Mahiya silang lahat na naglilingkod sa mga larawang hinichurahan,  
Ang mga nagsasaya sa mga idolo :  
Kayo'y sumamba sa kaniya, kayong lahat na mga dios.
- 8 Narinig ng Zion, at natua,  
At ang mga anak na babaye ng Juda ay nagalak ;

- Dahil sa iyong mga kahatulan, Oh PANGINOON.
- 9 Sapagka't ikaw, Oh PANGINOON, ay kataastaasan sa boong lupa :  
Ikaw ay nataas na totoong higit kay sa lahat na mga dios.
- 10 Oh kayong umiibig sa PANGINOON, kapootan ninyo ang kasaman :  
Kaniyang iniingatan ang mga kalulua ng kaniyang mga santo ;  
Kaniyang mga inililigtas sa kamay ng masama.
- 11 Liwanag ay itinanim para sa mga banal,  
At kasayahan para sa may matuid na puso.
- 12 Matua kayo sa PANGINOON, kayong mga banal ;  
At magpasalamat sa kaniyang santong pangalan.

## 98

Awit.

- 1 Oh umawit kayo sa PANGINOON ng bagong awit ;  
Sapagka't siya'y gumawa ng mga kagilagilalas na bagay :  
Ang kaniyang kanan at ang kaniyang santong kamay ay gumawa ng kagligtas sa kaniya.
- 2 Ipinakilala ng PANGINOON ang kaniyang pagliligtas :  
Ang kaniyang kabanalan ay ipinakilala niyang lubos sa paningin ng mga nasyon.
- 3 Kaniyang inalala ang kaniyang kawaan at kaniyang pagtatapat sa bahay ng Israel :  
Nakita ng lahat na wakas ng lupa ang pagliligtas ng aming Dios.
- 4 Kayo'y gumawa ng ingay na kagalakan sa PANGINOON, boong lupa :  
Kayo'y magpasimula at umawit dahil sa kagalakan, oo, kayo'y umawit ng mga pagpuri.
- 5 Umawit kayo ng mga pagpuri ng alpa sa PANGINOON ;  
Ng alpa at ng voces na tugma.
- 6 Ng mga pakakak, at tunog ng patunog Gumawa kayo ng ingay na kagalakan sa harap ng Hari, ng PANGINOON.
- 7 Humugong ang dagat at ang kapunungan niya ;  
Ang sanlibutan at ang mga tumatahan sa kaniya ;
- 8 Ipakpak ng mga baha ang kanilang mga kamay ;

Umawit na magkakasama ang mga burol dahil sa kagalakan;

- 9 Sa harap ng PANGINOON, sapagka't siya'y naparirito upang hatulan ang lupa:

Kaniyang hahatulan ng kabanalan ang sanlibutan,

At ng matuid ang mga bayan.

## 99 Ang PANGINOON ay naghahari; manginig ang mga bayan:

Siya'y nauupo sa mga kerubin; maki-los ang lupa.

- 2 Ang PANGINOON ay dakila sa Zion; At siya'y mataas na higit sa lahat ng bayan.

- 3 Purihin nila ang iyong dakila at kakilalabot na pangalan: Siya'y santo.

- 4 Ang lakas naman ng hari ay umiibig ng kahatulan;

Ikaw ay nagtatatag ng matuid, Ikaw ay gumagawa ng kahatulan at kabanalan sa Jakob.

- 5 Pataasin ninyo ang PANGINOONG ating Dios,

At sumamba kayo sa harap ng kaniyang tungtungan: Siya'y santo.

- 6 Si Moises at si Aaron na kaniyang mga sacerdote,

At si Samuel sa kanila na tumatawag sa kaniyang pangalan;

Sila'y tumatawag sa PANGINOON, at siya'y sumasagot sa kanila.

- 7 Siya'y nagsasalita sa kanila sa haliging alapaap:

Kanilang iniingatan ang kaniyang mga patotoo, at ang palatuntunan na ibinigay niya sa kanila.

- 8 Ikaw ay sumagot sa kanila, Oh PANGINOONG aming Dios:

Ikaw ay Dios na nagpatawad sa kanila,

Baga man ikaw ay gumanti sa kaniyang mga gawa.

- 9 Pataasin ninyo ang PANGINOONG ating Dios,

At kayo'y sumamba sa kaniyang santong burol;

Sapagka't ang PANGINOONG ating Dios ay santo.

## 100

*Awit na pagpapasalamat.*

- 1 Gumawa kayo ng ingay na kagalakan sa PANGINOON, kayong lahat na lupain.

- 2 Kayo'y maglingkod sa PANGINOON na may kasayahan:

Kayo'y humarap sa kaniyang harap na may awitan.

- 3 Inyong talastasin na ang PANGINOON ay siyang Dios:

Siya ang lumalang sa atin, at tayo'y kaniya:

Tayo'y kaniyang bayan, at mga tupa ng kaniyang pasabsaban.

- 4 Masok kayo sa kaniyang mga pintuang-daan na may pagpapasalamat, At sa kaniyang mga looban na may pagpupuri:

Kayo'y magpasalamat sa kaniya, at inyong purihin ang kaniyang pangalan.

- 5 Sapagka't ang PANGINOON ay mabuti; ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man;

At ang kaniyang pagtatapat ay sa lahat ng lahi.

## 101

*Awit ni David.*

- 1 Aking aawitin ang kaawaan at kahatulan:

Sa iyo, Oh PANGINOON, sawit ako ng mga pagpupuri.

- 2 Ako'y magpapakapantas sa sakdal na lakad:

Oh kailan pasa sa akin ka?

Ako'y lalakad sa loob ng aking bahay na may sakdal na puso.

- 3 Hindi ako maglalagay ng masamang bagay sa harap ng aking mga mata:

Aking kinapopootan ang gawa nila na lumiliko;

Hindi kakapit sa akin.

- 4 Ang masamang puso ay hihiwalay sa akin:

Hindi ako makakakilala ng masamang bagay.

- 5 Ang sumisirang puri na lihim sa kaniyang kapua ay aking ibubual:

Siya na may mataas na tingin at may palalong puso ay hindi ko titiisin.

- 6 Ang aking mga mata ay itititig ko sa mga tapat sa lupain, upang sila'y makatahan na kasama ko:

Siya na lumalakad sa sakdal na daan, siya'y mamamahala sa akin.

7 Siyang gumagawang may karayaan ay hindi tatahan sa loob ng aking bahay:

Siyang nagsasalita ng kabulaanan ay hindi matatatag sa harap ng aking mga mata.

8 Tuong umaga ay aking lilipulin ang lahat na masama sa lupain;

Upang ihimalay ang lahat na mangagawa ng kasam-an sa ciudad ng PANGINOON.

**102** *Dalangin ng napipighati, ng nalulupaypay, at ibinubuhos ang kaniyang daing sa harap ng PANGINOON.*

1 Iyong dingin ang aking dalangin, Oh PANGINOON,

At dumating ang aking daing sa iyo.

2 Huag mong ikubli ang iyong mukha sa akin sa kaarawan ng aking kapallawan:

Ikiling mo ang iyong pakinig sa akin; Sa araw na ako'y tumawag, sagutin mo akong madali.

3 Sapagka't ang aking mga araw ay napapawi na parang usok, At ang aking mga buto ay nasusunog na parang tuyong kahoy.

4 Ang aking puso ay nasugatang parang damo, at nalanta; Sapagka't nalimutan kong kanin ang aking tinapay.

5 Dahil sa voces ng aking daing Ang aking mga buto ay dumidikit sa aking laman.

6 Ako'y gaya ng pelikano sa ilang; Ako'y naging parang kuago sa mga sirang lugar.

7 Ako'y umaabang, at ako'y naging Gaya ng maya na nag-iisa sa pulupo.

8 Inaapi ako ng aking mga kaaway boong araw; Silang nauulol laban sa akin ay sumusumpa sa pamamagitan ng aking pangalan.

9 Sapagka't aking kinain ang mga abo na parang tinapay, At hinaluan ko ang aking inumin ng pag-iyak.

10 Dahil sa iyong galit at iyong pag-iinit: Sapagka't ako'y iyong itinaas, at inihagis.

11 Ang aking mga araw ay parang lilim na kumikiling; At ako'y nalantang parang damo.

12 Ngunit ikaw, Oh PANGINOON, mamamalagi magpakailan man; At ang alaala, sa iyo ay sa lahat ng lahi.

13 Ikaw ay babangon, at maawa sa Zion: Sapagka't kapanahunan ng pagkaawa sa kaniya, oo, ang takdang panahon ay dumating.

14 Sapagka't naliligaya ang iyong mga alipin sa kaniyang mga bato, At nanghihinayang sa kaniyang alabok.

15 Sa gayo'y katatakutan ng mga nacion ang pangalan ng PANGINOON, At ng lahat ng hari sa lupa ang iyong kalualhatian:

16 Sapagka't itinayo ng PANGINOON ang Zion, Siya'y napakita sa kaniyang kalualhatian;

17 Kaniyang dininig ang dalangin ng walang nagkakandili, At hindi niwalang kabuluhan ang kanilang dalangin.

18 Ito'y isusulat para sa lahing susunod: At ang bayang lalalangin ay pupuri sa PANGINOON.

19 Sapagka't siya'y tumungo mula sa kaitaasan ng kaniyang santuario; Tumingin ang PANGINOON sa lupa mula sa langit;

20 Upang dingin ang buntong-hininga ng bihag; Upang kalagan yaong mga napasiyahan na patayin;

21 Upang maihayag ng mga tawo ang pangalan ng PANGINOON sa Zion, At ang kaniyang kapurihan sa Jerusalem;

22 Ng ang mga bayan ay mapisan, At ang mga kaharian, upang maglingkod sa PANGINOON.

23 Kaniyang pinahina ang aking kalakasan sa daan; Kaniyang pinaikli ang aking mga kaarawan.

24 Aking sinabing, Oh Dios ko, huag mo akong kunin sa gitna ng aking mga kaarawan; Ang iyong mga taon ay sa boong panahon.

25 Ng una ay iyong inilagay ang cimientong ng lupa; At ang mga langit ay gawa ng iyong mga kamay.

26 Sila'y malilipol, ngunit ikaw ay mamalagi:

Oo, silang lahat ay maluluma na parang bihisan;

Parang isang kasuotan na iyong mga papalitan, at mga mapapalitan:

- 27 Nguni't ikaw rin,  
At ang iyong mga taon ay hindi magkakawakas.
- 28 Ang mga anak ng iyong mga alipin ay mamamalagi,  
At ang kanilang binhi ay matatatag sa harap mo.

## 103

*Awit ni David.*

- 1 Iyong purihin ang PANGINOON, Oh kalulua ko;  
At lahat na nasa loob ko *pumuri* sa kaniyang santong pangalan.
- 2 Iyong purihin ang PANGINOON, Oh kalulua ko,  
At huag mong kalimutan ang lahat niyang mga kabutihan:
- 3 Na siyang nagpapatawad ng iyong lahat na kasam-an;  
Na siyang gumagamot ng iyong lahat na sakit;
- 4 Na siyang tumutubos ng iyong buhay sa pagkalipol:  
Na siyang nagpuputong sa iyo ng kagandahang-loob at malambot na mga kaawan:
- 5 Na siyang bumubusog sa iyong bibig ng mabuting mga bagay;  
Na ano pa't ang iyong kabataan ay nababagong parang aguila.
- 6 Ang PANGINOON ay gumagawa ng mga banal na gawa,  
At mga kihatulan para sa lahat na napipighati.
- 7 Kaniyang ipinakilala ang kaniyang mga daan kay Moises,  
Ang kaniyang mga gawa sa mga anak ng Israel.
- 8 Ang PANGINOON ay puno ng kahabagan at biyaya,  
Banayad sa pagkagalit at sagana sa kaawaan.
- 9 Hindi siya makikipagkaalit na palagi;  
O kaniya mang iingatan ang *kaniyang galit* magpakailan man.
- 10 Siya'y hindi gumawa sa atin ng ayon sa ating mga kasalanan,  
O gumanti man sa atin ng ayon sa ating mga kasam-an.
- 11 Sapagka't kung paanong ang langit ay mataas kay sa lupa,  
Gayon kalaki ang kaniyang kaawaan sa kanila na natatakot sa kaniya.

12 Kung gaano ang layo ng silanganan sa kalunuran,

Gayon inilayo niya ang ating mga pagsalangsang sa atin.

13 Kung paanong ang ama ay naaawa sa kaniyang mga anak,

Gayon naaawa ang PANGINOON sa kanilang natatakot sa kaniya.

14 Sapagka't nakikilala niya ang ating hichura;

Kaniyang inaalaala na tayo'y alabok.

15 Tungkol sa tawo, ang kaniyang mga araw ay parang damo;

Kung paano ang bulaklak sa parang gayon siya namumulaklak.

16 Sapagka't dinadaan ng hangin, at tinatangay;

At ang lugar niya ay hindi na makikilala.

17 Nguni't ang kaawaan ng PANGINOON ay mula sa walang hangan hangang sa walang hangan sa mga natatakot sa kaniya,

At ang kaniyang kabanalan ay hangang sa mga anak ng mga anak;

18 Sa gayong nag-iingat ng kaniyang tipan,

At sa mga umaalala ng kaniyang mga utos upang mga gawin.

19 Itinatag ng PANGINOON ang kaniyang luklukan sa mga langit;

At ang kaniyang kabarian ay nagpuno sa lahat.

20 Purihin ninyo ang PANGINOON, niyong mga angel niya:

Ninyong makapangyarihan sa kalakasan na tumutupad ng kaniyang salita,

Na nakikinig sa voces ng kaniyang salita.

21 Purihin ninyo ang PANGINOON, niyong lahat na hukbo niya;

Ninyong mga tagapamahala niya, na gumagawa ng kaniyang kasayahan.

22 Purihin ninyo ang PANGINOON, niyong lahat na mga gawa niya,

Sa lahat na lugar na kaniyang sakop: Purihin mo ang PANGINOON, Oh kalulua ko.

104 Purihin mo ang PANGINOON, Oh kalulua ko.

Oh PANGINOONG kong Dios ikaw ay totoong dakila;

Ikaw ay nabibihisan ng karangalan at kamahalan.

2 Na siyang nagbabalot ng liwanag na parang bihisan;

- Na siyang nag-uunat ng mga langit na parang tabing;
- 3 Na siyang naglalagay ng mga tahilan ng kaniyang mga silid sa mga tubig; Na siyang gumagawa sa mga alapaap na pinakakarro niya; Na siyang lumalakad sa mga pakpak ng hangin;
- 4 Na siyang gumagawa sa mga hangin na mga sugo niya; Ang kaniyang mga tagapamahala ay alab ng apoy;
- 5 Na siyang naglagay ng mga cimientong lupa, Upang huag makilos magpakailan man.
- 6 Iyong tinakpan ng kalaliman na parang isang bihisan; Ang mga tubig ay tumatayo sa itaas ng mga bundok.
- 7 Sa iyong pagsaway sila'y tumatakas; Sa voces ng iyong kulog ay nagmamadaling umaalis sila;
- 8 Sila'y sumampa sa mga bundok, sila'y bumaba sa mga libis, Sa lugar na iyong itinayo sa kanila.
- 9 Ikaw ay naglagay ng hanganan upang sila'y huag makaraan; Upang sila'y huag magbalik na tumakip sa lupa.
- 10 Siya'y nagsusugo ng mga bukal sa mga libis; Mga umaagos sa gitna ng mga bundok;
- 11 Sila'y nagpapainom sa bawat hayop sa parang; Nagpapatid-ukaw ang mga mabangis, na asno.
- 12 Sa tabi nila ay nagkaroon ng kanilang tahanan ang ibon sa himpapawid, Sila'y umaawit sa mga sanga.
- 13 Kaniyang dinidilig ang mga bundok mula sa kaniyang mga silid; Ang lupa ay busog sa bunga ng iyong mga gawa.
- 14 Kaniyang pinatutubo ang damo para sa mga hayop, At ang gugulayin para sa paglilingkod sa tawo; Upang siya'y maglabas ng pagkain sa lupa;
- 15 At ng alak na makapagpapasaya sa puso ng tawo, At ng langis upang pasilangin ang kaniyang mukha, At ng tinapay na nagpapalakas ng puso ng tawo.
- 16 Ang mga punong kahoy ng PANGINOON ay busog;
- Ang mga cedro sa Lebano, na kaniyang itinanim;
- 17 Na pinamumugaran ng mga ibon; Tungkol sa ciguena, ang mga puno ng abeto ay kaniyang bahay.
- 18 Ang mga mataas na bundok ay para sa mga mabangis na kambing; Ang mga buri ay silungan ng mga daman.
- 19 Kaniyang inihalal ang buan para sa mga panahon; Nalalaman ng araw ang kaniyang paglubog.
- 20 Iyong ginagawa ang kadiliman at nagiging gabi; Na iginagalaw ng lahat na hayop sa gubat.
- 21 Umuungal ang mga anak ng leon sa pagsunod sa mahuhuli nila, At hinahanap sa Dios ang kanilang pagkain.
- 22 Ang araw ay sumisikat, sila'y umaalis, At nahihiga sa kanilang mga yungib.
- 23 Lumabas ang tawo sa kaniyang gawain At sa kaniyang gawa hangang sa kinahapunan.
- 24 Oh PANGINOON, pagka sarisari ng iyong mga gawa! Sa karunungan ay mga ginawa mong lahat; Ang lupa ay puno ng iyong kayamanan.
- 25 Nandian ang dagat, na malaki at muluang, Na ginagalawan ng di mabilang na mga bagay, Ng mga munti at ng mga malaking hayop din naman.
- 26 Dooy yumayaon ang mga sasakyan: Nandoon ang boya na iyong nilikha upang maglibang doon.
- 27 Lahat ng ito ay naghihintay sa iyo; Upang iyong mabigyan sila ng kanilang pagkain sa ukol na kapanahunan.
- 28 Ang iyong ibinibigay sa kanila ay pinipisan nila; Iyong ibinubukas ang iyong kamay, sila'y nabubusog ng kabutihan.
- 29 Iyong ikinukubli ang iyong mukha, sila'y nababagabag; Iyong inaalis ang kanilang hinga, sila'y namamatay, At nagbabalik sa kanilang pagkaalabok.
- 30 Iyong sinusugo ang iyong espiritu, sila'y nalalalang;

- At iyong binabago ang balat ng lupa.
- 31 Mamalagi ang kalualhatian ng PANGINOON kailan man;  
Magalak ang PANGINOON sa kaniyang mga gawa:
- 32 Na siyang tumitingin sa lupa at lumilindol;  
Kaniyang hinihipo ang mga bundok at umuusk.
- 33 Aawit ako sa PANGINOON habang ako'y nabubuhay;  
Ako'y aawit ng pagpuri sa aking Dios, samantalang mairoon akong kabuhayan.
- 34 Matamisin niya ang aking pagbubulay;  
Ako'y magalak sa PANGINOON.
- 35 Malipol ang mga makasalanan sa lupa,  
At huag ng lumagi ang masama.  
Purihin mo ang PANGINOON, Oh kalulua ko.  
Purihin ninyo ang PANGINOON.
- 105 Oh magpasalamat kayo sa PANGINOON, kayo'y tumawag sa kaniyang pangalan;  
Inyong ipakilala ang kaniyang mga gawa sa mga bayan.
- 2 Umawit kayo sa kaniya, umawit kayo sa kaniya ng mga pagpuri;  
Salitain ninyo ang lahat niyang mga kagilagilalas na mga gawa.
- 3 Lumualhati kayo sa kaniyang santong pangalan:  
Magalak ang puso nila na humahanap sa PANGINOON.
- 4 Inyong hanapin ang PANGINOON at ang kaniyang kalakasan;  
Inyong hanapin ang kaniyang mukha magpakailan man.
- 5 Inyong alalahanin ang kaniyang mga kagilagilalas na gawa na kaniyang ginawa;  
Ang kaniyang mga kababalaghan at ang mga kahatulan ng kaniyang bibig;
- 6 Oh ninyong binhi ni Abraham na kaniyang alipin,  
Ninyong mga anak ni Jakob na kaniyang pili.
- 7 Siya ang PANGINOONG ating Dios:  
Ang kaniyang mga kahatulan ay nasa boong lupa.
- 8 Kaniyang inalala ang kaniyang tipan magpakailan man,  
Ang salita na kaniyang iniutos sa libong mga lahi;
- 9 Ang tipan na kaniyang ginawa kay Abraham,  
At ang kaniyang sumpa kay Isaak;
- 10 At pinagtibay yaon kay Jakob na pinakapalatuntunan,  
Kay Israel na pinakawalang hangang tipan:
- 11 Na sinabing, Sa iyo'y ibibigay ko ang lupain ng Kanaan,  
Ang palad na iyong mana:
- 12 Ng sila'y kaonti lamang tawo sa bilang;  
Oo, toloong kaonti, at mga mananahan doon;
- 13 At sila'y yumaon sa nacion at nacion,  
Mula sa isang kaharian hangang sa ibang bayan.
- 14 Hindi niya tiniis ang sino mang tawo na gumawa sila ng kamalian;  
Oo, kaniyang sinaway ang mga hari dahil sa kanila;
- 15 Na sinabing, Huag ninyong galawin ang aking mga pinahiran,  
At huag ninyong gawan ng masama ang aking mga profeta.
- 16 At siya'y nagdala ng kagutom sa lupain;  
Kaniyang binali ang boong tukod ng tinapay.
- 17 Siya'y nagsugo ng isang lalaki sa unahan nila;  
Si Jose ay naipagbiling pinakaalipin:
- 18 Ang kaniyang mga paa ay sinaktan nila ng mga pangpanhaw;  
Siya'y nalagay sa mga tanikalang bakal:
- 19 Hangang sa panahon na nangyari ang kaniyang mga salita;  
Tinikman siya ng salita ng PANGINOON.
- 20 Ang hari ay nagsugo, at pinawalan siya;  
Ang puno ng mga bayan, at pinalaya niya siya.
- 21 Ginawa niya siyang panginoon sa kaniyang bahay,  
At puno sa lahat niyang pag-aari:
- 22 Upang talian ang kaniyang mga pangulo sa kaniyang kaligayahan,  
At turuan ang kaniyang mga matanda ng karunungan.
- 23 Si Israel naman ay nasok sa Egipto;  
At si Jakob ay nangibangbayan sa lupain ng Ham.
- 24 At kaniyang pinalagong mainam ang kaniyang bayan,  
At pinatibay sila kay sa kanilang mga kaaway.



- 25 Kaniyang ibinalik ang kanilang puso upang mapoot sa kaniyang bayan, Upang gumawang mayalang sa kaniyang mga alipin.
- 26 Kaniyang sinugo si Moises na kaniyang alipin,  
At si Aaron na kaniyang pinili.
- 27 Kanilang inilagay sa gitna nila ang kaniyang mga tanda,  
At mga kababalaghan sa lupain ng Ham.
- 28 Siya'y nagsugo ng mga kadiliman, at nagpadilim;  
At sila'y hindi nanghimagsik laban sa kaniyang mga salita.
- 29 Kaniyang pinapaging dugo ang kanilang mga tubig,  
At pinatay ang kanilang isda.
- 30 Ang kanilang lupain ay binukalan ng mga palaka,  
Sa mga silid ng kanilang mga hari.
- 31 Siya'y nagsalita, at dumating ang mga pulutong ng langaw,  
At hanip sa lahat ng kanilang hanganan.
- 32 Ibinigay niya sa kanila na pinakaulan ay granizo,  
At liab ng apoy sa kanilang lupain.
- 33 Sinugatan naman niya ang kanilang mga puno ng uvas, at ang kanilang mga puno ng higos;  
At binali ang mga punong kahoy ng kanilang mga hanganan.
- 34 Siya'y nagsalita at ang mga balang chasil ay dumating,  
At ang balang yelek, at yao'y walang bilang,
- 35 At kinain ang lahat na damo sa kanilang lupain,  
At kinain ang bunga ng kanilang lupa.
- 36 Sinugatan naman niya ang lahat na panganay sa kanilang lupain,  
Ang puno ng lahat nilang kalakasan.
- 37 At kaniyang inialis sila na may pilak at ginto:  
At hindi nagkaroon ng mahinang tawo sa kaniyang mga angkan.
- 38 Natua ang Egipto ng sila'y umalis;  
Sapagka't ang jakot sa kanila ay nahulog sa kanila.
- 39 Kaniyang inilatag ang alapaap na pinakatakip;  
At apoy upang magbigay liwanag sa gabi.
- 40 Sila'y humingi at dinalhan niya ng mga pugo,
- At binusog niya sila ng tinapay sa langit.
- 41 Kaniyang binuksan ang bato at binukalan ng mga tubig;  
Mga umagos sa tuyong mga lugar na parang ilog.
- 42 Sapagka't kaniyang naalala ang kaniyang santong salita,  
At si Abraham na kaniyang alipin.
- 43 At kaniyang inilabas ang kaniyang bayan na may kagalakan,  
At ang kaniyang pili na may awitan.
- 44 At ibinigay niya sa kanila ang mga lupain ng mga nasyon;  
At kinuha nila ang gawa ng mga bayan na pinakaari:
- 45 Upang kanilang maingatan ang kaniyang mga palatuntunan,  
At sundin ang kaniyang mga kautusan.  
Purihin ninyo ang PANGINOON.
- 106** Purihin ninyo ang PANGINOON.  
Oh magpasalamat kayo sa PANGINOON; sapagka't siya'y mabuti:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 2 Sinong makapagsasalita ng mga makapangyarihang gawa ng PANGINOON,  
O makapagpapakilala ng boo niyang kapurihan?
- 3 Mapalad silang nag-iingat ng kahatulan,  
At siyang gumagawa ng kabanalan sa boong panahon.
- 4 Iyong alalahanin ako, Oh PANGINOON,  
Ng biyaya na iyong ipinagkaloob sa iyong bayan;  
Oh dalawin mo ako ng iyong paglilitas:
- 5 Upang aking makita ang kaginhawahan ng iyong pinili,  
Upang ako'y magalak sa kasayahan ng iyong nasyon,  
Upang ako'y lumualhati na kasama ng iyong pamana.
- 6 Kami ay nagkasala na kasama ng aming mga magulang,  
Kami ay nagkamit ng kasam-an, kami ay gumawa ng kasam-an.
- 7 Hindi nalaman ng aming mga magulang ang iyong mga kababalaghan sa Egipto;  
Hindi nila inalala ang karamihan ng iyong mga kaawaan;  
Kungdi naging mapanghimagsik sa dagat, sa Mapulang Dagat;

- 8 Gayon ma'y iniligtas niya sila dahil sa kaniyang pangalan,  
Upang kaniyang maipakilala ang kaniyang matibay na kapangyarihan.
- 9 Kaniyang sinaway naman ang Dagat na Mapula, at natuyo :  
Sa gayo'y pinatubayan niya sila sa mga kalaliman, na parang sa ilang.
- 10 At iniligtas niya sila sa kamay ng napopoot sa kanila,  
At tinubos niya sila sa kamay ng kaaway.
- 11 At tinakpan ng mga tubig ang kanilang mga kaaway :  
Walang nalabi sa kanila kahi't isa.
- 12 Ng magkagayo'y sinampalatayanan nila ang kaniyang mga salita ;  
Inawit nila ang kaniyang kapurihan.
- 13 Nilimot nilang madali ang kaniyang mga gawa ;  
Hindi naghintay sa kaniyang payo :
- 14 Kungdi nagnasa na may kayamanan sa ilang,  
At tinukso ang Dios sa ilang.
- 15 At binigyan niya sila ng kanilang hiling ;  
Nguni't nagsugo ng kapayatan sa kanilang kalulua.
- 16 Kanilang pinanaghilian naman si Moises sa kampakamento,  
At si Aaron na santo ng PANGINOON.
- 17 Ang lupa ay bumuka, at nilamon si Daten,  
At tinakpan ang pulutong ni Abiram.
- 18 At apoy ay nagingas sa kanilang pulutong ;  
Sinunog ng liab ang mga masama.
- 19 Sila'y gumawa ng guya sa Horeb,  
At sumamba sa larawang binubo.
- 20 Ganito nila binago ang kanilang kaulalhatian  
Sa wangis ng baka na kumakain ng damo.
- 21 Nilimot nila ang Dios na kanilang tagapagligtas,  
Na gumawa ng mga dakilang bagay sa Egipto ;
- 22 Ng mga kagilagilalas na mga gawa sa lupain ng Ham,  
At mga kakilakilabot na mga bagay sa Dagat na Mapula.
- 23 Kaya't sinabi niya, na kaniyang lili-pulin sila,  
Kung si Moises na kaniyang pinili ay hindi humarap sa kaniya sa sira,  
Upang pawin ang kaniyang pag-iinit, upang huag niyang gibain sila.
- 24 Oo, kanilang niwalang kabuluhan ang maligayang lupain,  
Hindi nila sinampalatayanan ang kaniyang salita ;
- 25 Kungdi sila'y tumakap sa kanilang mga dampo,  
At hindi nakinig sa voces ng PANGINOON.
- 26 Kaya't itinaas niya ang kaniyang kamay sa kanila,  
Upang kaniyang ibual sila sa ilang :
- 27 At upang ibual niya ang kanilang binhi sa mga nacion,  
At mga pangalatin sa mga lupain.
- 28 Sila'y nakilakip naman kay Baal-peor,  
At kumain ng mga hayin sa mga patay.
- 29 Ganito minungkahi nila siya sa galit ng kanilang mga gawa ;  
At ang salot ay lumitaw sa kanila.
- 30 Ng magkagayo'y tumayo si Fineas, at gumawa ng kahatulan :  
At sa gayo'y tumigil ang salot.
- 31 At nabilang sa kaniya na kabanalan,  
Sa lahat ng lahi magpakailan man.
- 32 Kanilang ginalit din siya sa mga tubig ng Meriba,  
Na ayo pa't yumaong masama kay Moises dahil sa kanila :
- 33 Sapagka't sila'y mapanghimagsik laban sa kaniyang espiritu,  
At siya'y nagsalita na walang pakundangan ng kaniyang mga labi.
- 34 Hindi nila nilipol ang mga bayan,  
Gaya ng iniutos ng PANGINOON sa kanila ;
- 35 Kungdi nagsihalo sa mga nacion,  
At nag-aral ng kanilang mga gawa :
- 36 At sila'y naglingkod sa kanilang mga idolo ;  
Na naging silo sa kanila :
- 37 Oo, kanilang inihayin ang kanilang mga anak na lalaki at babaye sa mga demonio,
- 38 At nagbubo ng walang salang dugo, ang dugo ng kanilang mga anak na lalaki at babaye,  
Na kanilang inihayin sa mga idolo ng Kanaan ;  
At ang lupain ay nadumhan ng dugo.
- 39 Ganito sila nagpakahawa sa kanilang mga gawa,  
At yumaong nakiapid sa kanilang mga gawa.
- 40 Kaya't nag-alab ang pag-iinit ng PANGINOON laban sa kaniyang bayan,  
At kinapootan niya ang kaniyang mana.

- 41 At ibinigay niya sila sa kamay ng mga nasyon;  
At silang napopoot sa kanila ay nagpuno sa kanila.
- 42 Pinighati naman sila ng kanilang mga kaaway,  
At sila'y nagsisuko sa kanilang kamay.
- 43 Madalas na iniligtas niya sila;  
Nguni't sila'y mapanghimagsik sa kaniyang payo,  
At nababa sila sa kanilang kasam-an.
- 44 Gayon ma'y nilingap niya ang kanilang kapanlawan,  
Ng kaniyang marinig ang kanilang daing;
- 45 At kaniyang inalala sa kanila ang kaniyang tipan,  
At nagsisi ayon sa karamihan ng kaniyang mga kaawaan.
- 46 Ginawa naman niyang sila'y kaawaan  
Niyaong labat na nagdalang bihag sa kanila.
- 47 Iligtas mo kami, Oh PANGINOONG aming Dios,  
At pisanin mo kami na mula sa mga nasyon,  
Upang magpasalamat sa iyong santong pangalan,  
At magtagumpay sa iyong kapurihan.
- 48 Purihin ang PANGINOON, ang Dios ng Israel,  
Mula sa walang hangang hangang sa walang hangan.  
At sabihin ng boong bayang, Siya nawa.  
Purihin niyo ang PANGINOON.

## IKALIMANG LIBRO.

- 107 Oh magpasalamat kayo sa PANGINOON; sapagka't siya'y mabuti:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 2 Sabihin *gagayon* ng tinubos ng PANGINOON,  
Na kaniyang tinubos sa kamay ng kaawaay;
- 3 At mga pinisan mula sa mga lupain,  
Mula sa silanganan, at mula sa kalunuran,  
Mula sa hilagaan at mula sa timugan.
- 4 Sila'y gumala sa ilang, sa palanas na daan;  
Sila'y hindi nakasumpong ng ciudad na tahanan.
- 5 Gutom at uhaw,  
Ang kanilang kalulua ay nanlalata sa kanila.
- 6 Ng magkagayo'y dumaing sila sa PANGINOON sa kanilang kabagabagan,  
At iniligtas niya sila sa kanilang kapanlawan.
- 7 Pinatubayan naman niya sila sa matuid na daan,  
Upang sila'y yumaon sa ciudad na tahanan.
- 8 Oh purihin ng mga tawo ang PANGINOON dahil sa kaniyang kabutihan,  
At dahil sa kaniyang mga kagilagilalas na mga gawa sa mga anak ng mga tawo!
- 9 Sapagka't kaniyang pinatirang-uhaw ang uhaw na kalulua,  
At ang gutom na kalulua ay binusog niya ng mabuti.
- 10 Ang gayong tumatahan sa kadiliman,  
at sa lilim ng kamatayan,  
Na natatali sa pagkapighati at bakal;
- 11 Sapagka't sila'y nanghimagsik laban sa mga salita ng Dios,  
At niwalang kabuluhan ang payo ng Kataastaasan:
- 12 Kaya't kaniyang ibinaba ang kanilang puso sa gagawin;  
Sila'y nabual, at walang sumaklolo.
- 13 Ng magkagayo'y dumaing sila sa PANGINOON sa kanilang kabagabagan,  
At iniligtas niya sila sa kanilang kapanlawan.
- 14 Kinuha niya sila sa kadiliman at sa lilim ng kamatayan,  
At pinatid ang kanilang mga tali.
- 15 Oh purihin ng mga tawo ang PANGINOON dahil sa kaniyang kabutihan,  
At dahil sa kaniyang mga kagilagilalas na mga gawa sa mga anak ng mga tawo!
- 16 Sapagka't kaniyang sinira ang mga pintuang-daah na tanso,  
At pinutol ang mga halang na bakal.
- 17 Mga mangmang dahil sa kanilang mga pagsalangsang,

- At dahil sa kanilang mga kasam-an ay napipighati.
- 18 Kinapopootan ng kanilang kalulua ang sarisaring pagkain;  
At sila'y lumalapit sa mga pintuang-da'an ng kamatayan.
- 19 Ng magkagayo'y dumaing sila sa PANGINGNOON sa kanilang kabagabagan,  
At iniligtas niya sila sa kanilang kapalanwan.
- 20 Sinugo niya ang kaniyang salita, at pinagaling sila,  
At iniligtas sila sa kanilang mga kagibaan.
- 21 Oh purihin ng mga tawo ang PANGINGNOON dahil sa kaniyang kabutihan,  
At dahil sa kaniyang mga kagilagilalas na mga gawa sa mga anak ng mga tawo!
- 22 At maghandog sila ng mga hayin na pagpapasalamat,  
At ibayag ang kaniyang mga gawa na may awitan.
- 23 Nilang bumababa sa dagat sa mga sasakyan,  
Na nangangalakal sa malaking mga tubig;
- 24 Ang mga ito'y nakakakita ng mga gawa ng PANGINGNOON,  
At ng kaniyang mga kababalaghan sa kaliliman.
- 25 Sapagka't siya'y nag-untos, at bumabangon ang bagyong hangin,  
Na nagbabangon ng mga alon niya.
- 26 Mga umiilanglang sa langit, mga bumababa uli sa mga kalaliman:  
Ang kanilang kalulua ay natutunaw dahil sa kabagabagan.
- 27 Sila'y pumapalo na paroo't parito, at humahapay na parang lasing,  
At ang kanilang karunungan ay nawala.
- 28 Ng magkagayo'y dumaing sila sa PANGINGNOON sa kanilang kabagabagan,  
At kinuha niya sila sa kanilang kapalanwan.
- 29 Kaniyang pinalilikat ang bagyo,  
Na ano pa't ang mga alon noon ay tumatahimik.
- 30 Ng magkagayo'y natutua sila, dahil sa sila'y tiwasay;  
Sa gayo'y kaniyang dinadala sila sa doongang kanilang ibigin.
- 31 Oh purihin ng mga tawo ang PANGINGNOON dahil sa kaniyang kabutihan,  
At dahil sa kaniyang mga kagilagilas na mga gawa sa mga anak ng mga tawo!
- 32 Pataasin din naman nila siya sa kapisanan ng bayan,  
At purihin siya sa upuan ng mga matanda.
- 33 Kaniyang pinapagiging ilang ang mga ilog,  
At uhaw na lupa ang mga bukal;
- 34 Na maalat na ilang ang mabungang lupain,  
Dahil sa kasam-an nila na tumatahan doon.
- 35 Kaniyang pinapagiging lawa ng mga tubig ang ilang,  
At mga bukal ang tuyong lupain.
- 36 At kaniyang pinatatahan doon ang gutom,  
Upang makapagtanda sila ng ciudad na tahanan;
- 37 At naghasik sa mga bukid, at nagtanim ng mga uvasan,  
At nagtamo ng mga bunga na pakinabang.
- 38 Kaniya namang pinagpapala sila, na ano pa't sila'y dumadaming mainam;  
At hindi mga tinititis na ang kanilang kawan ay magkulang.
- 39 At sila'y nakulangan at nahapay Sa pagkapighati, kabagabagan, at kapalanwan.
- 40 Kaniyang ibinubuhos ang kadustaan sa mga pangulo,  
At mga pinagagala sa kasiraan, sa walang langisang.
- 41 Gayon ma'y iniuupo niya sa mataas ang mapagkailangan mula sa kadalamhatian,  
At ginagawang sa kaniya mga kamaganakan na parang kawan.
- 42 Makikita ng matuid, at matutua;  
At ititikom ang kaniyang bibig ng boong kasam-an.
- 43 Kung sino ang pantas ay magbulay sa mga bagay na ito,  
At kanilang mabatid ang mga kaawaan ng PANGINGNOON.

## 108

*Awit, Salmo ni David.*

- 1 Ang aking puso'y matatag, Oh Dios;  
Ako'y aawit, oo, ako'y aawit ng mga pagpuri ng aking kalualhatian.
- 2 Kayo'y gumising, salterio at alpa:  
Ako'y gigising na maaga.

- 3 Ako'y magpapasalamat sa iyo, Oh PANGINOON, sa gitna ng mga bayan: At ako'y aawit ng mga pagpuri sa iyo sa gitna ng mga nasyon.
- 4 Sapagka't ang iyong kaawaan ay malaki sa itaas ng mga langit, At ang iyong katotohanan ay umaabot sa mga alapaap.
- 5 Mataas ka, Oh Dios, sa itaas ng mga langit: At ang iyong kalualhatian sa itaas ng boong lupa.
- 6 Upang ang iyong minamahal ay magligtas, Magligtas ka ng iyong kanan, at sagutin mo kami.
- 7 Nagsalita ang Dios sa kaniyang kasantusan; ako'y magsasaya: Aking hahatiin ang Sekem, at susukatin ko ang libis ng Sukot.
- 8 Gilead ay akin; Manases ay akin; Ang Efraim naman ay sangalang ng aking ulo: Juda'y aking cetro.
- 9 Moab ay aking hugasan; Sa Edom ay ihahagis ko ang aking panyapak: Sa Filistia ay susutsot ako.
- 10 ¿Sinong magpapasok sa akin sa ciudad na nakukutaan? ¿Sinong pumatnubay sa akin hangang sa Edom?
- 11 ¿Hindi mo ba kami itinakuil, Oh Dios? At hindi ka lumalabas, Oh Dios, na kasama ng aming mga hukbo.
- 12 Tulungan mo kami laban sa kaaway; Sapagka't walang kabuluhan ang tulog ng tawo.
- 13 Sa Dios ay gagawa kaming ay katingan: Sapagka't siya ang yayapak sa aming mga kaaway.
- 14 Sa kabayaran ng aking pag-ibig ay sila'y mga kaaway ko: Nguni't ako'y sumasa dalangin.
- 5 At kanilang iginanti sa akin ay kasaman sa mabuti, At kapootan sa aking pag-ibig.
- 6 Lagyan mo ng masamang tawo siya: At tunayo ang isang kaaway sa kaniyang kanan.
- 7 Pagka siya'y nahatulan, lumabas siyang salarin; At maging kasalanan ang kaniyang dalangin.
- 8 Maging kaonti ang kaniyang mga araw; At kunin ng iba ang kaniyang katungkulan.
- 9 Maulila ang kaniyang mga anak, At mabao ang kaniyang asawa.
- 10 Lumaboy ang kaniyang mga anak, at magpalimos; At hanapin nila ang kanilang pagkain sa kanilang mga gibang lugar.
- 11 Kunin ng magpapautang ang lahat niyang tinatankilik; At samsamin ng mga taga ibang lupa ang kaniyang mga gawa.
- 12 Huag may maawa sa kaniya; At huag ding magkaroon ng maawa sa kaniyang mga anak na ulila.
- 13 Mahiwalay ang kaniyang kaapuapuhan; Sa lahing darating ay mapawi ang kaniyang pangalan.
- 14 Maalala ng PANGINOON ang kasaman ng kaniyang mga magulang; At huag mapawi ang kasalanan ng kaniyang ina.
- 15 Malagay silang lagi sa harap ng PANGINOON, Upang ihiwalay niya ang alaala sa kanila sa lupa.
- 16 Sapagka't hindi niya naalalang magpakita ng kaawaan, Kungdi hinabol ang dukha at mapagkailangan, At ang may basag na puso, upang mga patayin.
- 17 Oo, kaniyang inibig ang pagsumpa, at dumating sa kaniya; At hindi siya nalulugod sa pagpapala, at malayo sa kaniya.
- 18 Nagsusuot naman siya ng pagsumpa na gaya ng kaniyang damit, At nasok sa kaniyang mga loob na bahagi na parang tubig, At parang langis sa kaniyang mga buto.

## 109 Sa Punong Musiko. Awit ni David.

- 1 Huag mong itahimik ang iyong kapayapaan, Oh Dios na aking kapurihan;
- 2 Sapagka't ang bibig ng masama at ang bibig ng magdaraya ay ibinuka nila laban sa akin: Sila'y nagsalita sa akin na may sinungaling na dila.
- 3 Kanilang kinuloug ako sa palibot ng mga salitang kapootan, At bumaka laban sa akin na walang kadahilanan.

- 19 Sa kaniya'y maging parang balabal na ibinabalabal,  
At parang bigkis na ibinibigkis na lagi.
- 20 Ito ang kagantihan sa aking mga kaaway na mula sa PANGINOON,  
At nilang nagsasasalita ng kasam-an laban sa aking kalulua.
- 21 Nguni't gumawa kang kasama ko, Oh Dios na Panginoon, alang-alang sa iyong pangalan:  
Sapagka't ang iyong kaawaan ay ma-buti, iligtas mo ako,
- 22 Sapagka't ako'y dukha at mapagkailangan,  
At aking puso ay nasugatan sa loob ko.
- 23 Ako'y yumayaong parang lilim pagka kumikiling:  
Ako'y itinataas at ibinababa ng hanġin parang balang.
- 24 Ang aking mga tuhod ay mahina sa pag-aayuno;  
At ang aking laman ay nagkulang ng katabaan.
- 25 Ako nama'y naging kadustaan sa kanila:  
Pagka kanilang nakikita ako, kanilang iginagalaw ang kanilang ulo.
- 26 Tulungan mo ako, Oh PANGINOONG aking Dios;  
Oh iligtas mo ako ayon sa iyong kaawaan:
- 27 Upang kanilang makilala na ito'y iyong kamay;  
Na ikaw PANGINOON, ang may gawa.
- 28 Sumumpa sila, nguni't magpapala ka:  
Pagka sila'y bumangon, sila'y mapapa-hiya, nguni't ang iyong alipin ay magagalak.
- 29 Manamit ng kasiraang puri ang aking mga kaaway,  
At matakpan sila ng kanilang sariling kahihyan na parang balabal.
- 30 Ako'y magpapasalamat ng marami ng aking bibig sa PANGINOON;  
Oo, aking pupurihin siya sa gitna ng karamihan.
- 31 Sapagka't siya'y tatayo sa kanan ng mapagkailangan,  
Upang iligtas sa kanila na humahatol ng kaniyang kalulua.

## 110

*Awit ni David.*

- 1 Sinabi ng PANGINOON sa aking panginoon:  
Umupo ka sa aking kanan,

- Hangang sa aking gawing iyong tungtungan ang iyong mga kaaway.
- 2 Susuguin ng PANGINOON ang tungkod ng iyong kalakasan mula sa Zion:  
Magpuno ka sa gitna ng iyong mga kaaway.
- 3 Ang iyong bayan ay naghahandog na kusa sa kaarawan ng iyong kapangyarihan:  
Sa mga kagandahan ng kasantusan, mula sa bahay-bata ng umaga,  
Ikaw ay mairorog hamog ng iyong kabataan.
- 4 Sumumpa ang PANGINOON, at hindi magsisisi,  
Ikaw ay sacerdote magpakailan man Ayon sa pagkasacerdote ni Melkizedek.
- 5 Ang Panginoon sa iyong kanan  
Papalo sa mga hari sa kaarawan ng kaniyang pag-iinit.
- 6 Siya'y habatol sa gitna ng mga nasyon, Kaniyang pupunuin ang mga lugar ng mga katawang patay.  
Siya'y papalo sa ulo sa maraming lupain.
- 7 Siya'y iinom sa batis sa daan:  
Kaya't siya'y magtataas ng ulo.

- 111 Purihin ninyo ang PANGINOON.  
Ako'y magpapasalamat sa PANGINOON ng aking boong puso,  
Sa pulutong ng matuid, at sa kapulungan.
- 2 Ang mga gawa ng PANGINOON ay dakila,  
Siyasat ng lahat na nagtatamo ng kaligayahan sa kanila.
- 3 Ang kaniyang gawa ay karangalan at kamahalan:  
At ang kaniyang kabanalan ay namamalagi kailan man.
- 4 Kaniyang ginawa ang kaniyang mga kababalaghang gawa na maalala:  
Ang PANGINOON ay mabiyaya at puspos ng kahabagan.
- 5 Siya'y nagbigay ng pagkain sa mga natatakot sa kaniya:  
Kaniyang aalalahaning lagi ang kaniyang tipan.
- 6 Kaniyang ipinakilala sa kaniyang bayan ang kapangyarihan ng kaniyang mga gawa,  
Sa pagbibigay niya sa kanila ng mana ng mga nasyon.
- 7 Ang mga gawa ng kaniyang mga kamay ay katotohanan at kaha-tulan:  
Lahat niyang mga utos ay tunay.

- 8 Mga natatatag magpakailan man,  
Mga yari sa katotohanan at katuiran.
- 9 Siya'y nagsugo ng katubusan sa kaniyang bayan;  
Kaniyang iniutos ang kaniyang tipan magpakailan man:  
Santo at kagalanggalang ang kaniyang pangalan.
- 10 Ang katakutan sa PANGINOON ay pasimula ng karunungan;  
May mabuting kaalaman ang lahat na sumusunod ng kaniyang utos:  
Ang kaniyang kapurihan ay namamalagi kailan man.

- 112 Purihin ninyo ang PANGINOON.  
Mapalad ang tawo na natatakot sa PANGINOON,  
Na naliligayang mainam sa kaniyang mga utos.
- 2 Ang kaniyang binhi ay magiging makapangyarihan sa lupa:  
Ang lahi ng matuid ay magiging mapalad.
- 3 Kaginhawahan at kayamanan ay nasa kaniyang bahay:  
At ang kaniyang kabanalan ay namamalagi kailan man.
- 4 Sa matuid ay bumabangon ang liwanag sa kadiliman:  
*Siya'y mabiyaya at puno ng kahabagan, at banal.*
- 5 Mabuti sa tawo na gumagawang may kaawaan, at nagpapahiram;  
Kaniyang aalalayan ang kaniyang usap sa kabatulan.
- 6 Sapagka't siya'y hindi makikilos kailan man;  
Ang banal ay maalalang walang hangan.
- 7 Siya'y hindi matatakot sa mga masamang balita:  
Ang kaniyang puso ay matatag, na umaasa sa PANGINOON.
- 8 Ang kaniyang puso ay natatag, siya'y hindi matatakot,  
Hangang sa kaniyang makita ang *nasa niya* sa kaniyang mga kaaway.
- 9 Kaniyang pinanabog, kaniyang ibinigay sa mapagkailangan;  
Ang kaniyang kabanalan ay namamalagi kailan man:  
Ang kaniyang sungay ay matataas na may karangalan.
- 10 Makikita nga ng masama, at mamamanlaw;

Siya'y magngangalit ng kaniyang mga ngipin, at matutunaw:  
Ang nasa ng masama ay mawawala.

- 113 Purihin ninyo ang PANGINOON.  
Purihin ninyo, Oh ninyong mga alipin ng PANGINOON,  
Purihin ninyo ang pangalan ng PANGINOON.
- 2 Purihin ang pangalan ng PANGINOON  
Mula sa panahong ito at magpakailan man.
- 3 Mula sa pagsikat ng araw hangang sa paglubog noon  
Ang pangalan ng PANGINOON ay purihin.
- 4 Ang PANGINOON ay mataas na higit sa lahat ng mga nasyon,  
At ang kaniyang kaulalhatian ay sa itaas ng mga langit.
- 5 Sino ang gaya ng PANGINOONG ating Dios,  
Na may kaniyang upuan sa itaas,
- 6 Na nagpapakababang tumitingin  
*Ng mga bagay na nasa langit at sa lupa?*
- 7 Kaniyang ibinabangon ang dukha mula sa alabok,  
At itinataas ang mapagkailangan mula sa dumi;
- 8 Upang maupo siya na kasama ng mga pangulo,  
Ng mga pangulo ng kaniyang bayan.
- 9 Kaniyang pinapag-iingat ng bahay ang baog na babaye,  
*At maging masayang ina ng mga anak.*  
Purihin ninyo ang PANGINOON.

- 114 Ng umalis ang Israel sa Egipto,  
Ang bahay ng Jakob na mula sa bayan na may ibang wika;
- 2 Ang Juda ay naging kaniyang santuario,  
Ang Israel ay kaniyang sakop.
- 3 Nakita ng dagat, at tumakas;  
Ang Jordan ay umurong.
- 4 Ang mga bundok ay lumuksong parang mga lalaking tupa,  
Ang mga munting burol ay parang mga batang tupa.
- 5 Anong ipakikialam ko sa iyo, Oh dagat, na ikaw ay tumatakas?  
Sa iyo Jordan, na ikaw ay bumabalik?
- 6 Sa inyo mga bundok na kayo'y lumuksong parang mga lalaking tupa;  
Sa inyong mga munting burol, na parang mga batang tupa?

- 7 Manginig ka, ikaw na lupa sa harap ng Panginoon,  
Sa harap ng Dios ng Jakob;
- 8 Na nagpapaging tipunan ng tubig sa bato,  
Na bukal ng mga tubig sa kiskisang bato.
- 115** Hindi sa amin, Oh PANĠINOON, hindi sa amin,  
Kungdi sa iyong pangalan ay magbigay kang kalualhatian,  
Dahil sa iyong kaawaan, at dahil sa iyong katotohanan.
- 2 Bakit sasabihin ng mga nacióng, Saan nandoon ngayon ang kanilang Dios?
- 3 Nguni't ang aming Dios ay nasa mga langit:  
Kaniyang ginagawa ang kaniyang ibigin.
- 4 Ang kanilang mga idolo ay pilak at ginto,  
Yari ng mga kamay ng tawo.
- 5 Sila'y may mga bibig, nguni't sila'y hindi nagsasalita;  
Mga mata'y mairoon sila, nguni't hindi sila nakakakita;
- 6 Sila'y may mga tainga, nguni't hindi sila nakakarinig;  
Mga ilong ay mairoon sila, nguni't hindi sila nakakaamoy;
- 7 Mairoon silang mga kamay, nguni't hindi sila nakatatangan;  
Mga paa ay mairoon sila, nguni't hindi sila nangakalalakad;  
O nagsasalita man sila sa kanilang ngalangala.
- 8 Ang mga gumagawa sa kanila ay magiging gaya nila;  
Oo, lahat na umaasa sa kanila.
- 9 Oh Israel, umasa ka sa PANĠINOON:  
Siya'y kanilang saklolo at kanilang kalasag.
- 10 Oh bahay ni Aaron, umasa kayo sa PANĠINOON:  
Siya'y kanilang saklolo at kanilang kalasag.
- 11 Kayong natatakot sa PANĠINOON, umaasa kayo sa PANĠINOON;  
Siya'y kanilang saklolo at kanilang kalasag.
- 12 Inalala tayo ng PANĠINOON; kaniyang pagpapalain tayo:  
Kaniyang pagpapalain ang bahay ng Israel,  
Kaniyang pagpapalain ang bahay ni Aaron.
- 13 Kaniyang mga pagpapalain ang nata-takot sa PANĠINOON,  
Ang maliit at gayon din ang malaki.
- 14 Pinalalago kayo ng PANĠINOON ng higit at higit,  
Kayo at ang inyong mga anak.
- 15 Pinagpala kayo ng PANĠINOON,  
Na gumawa ng langit at lupa.
- 16 Ang mga langit ay mga langit ng PANĠINOON;  
Nguni't ang lupa ay kaniyang ibinigay sa mga anak ng mga tawo.
- 17 Ang patay ay hindi pumupuri sa PANĠINOON,  
O sino mang bumababa sa katahimikan;
- 18 Nguni't aming pupurihin ang PANĠINOON  
Mula sa panahong ito hangang sa walong hangan.  
Purihin niyo ang PANĠINOON.
- 116** Aking iniibig ang PANĠINOON, sapagka't kaniyang dininig  
Ang aking voces at aking hiling.
- 2 Sapagka't kaniyang ikiniling ang kaniyang pakinig sa akin,  
Kaya't ako'y tatawag sa kaniya habang ako'y nabubuhay.
- 3 Ang tali ng kamatayan ay kumubkob sa akin,  
At ang mga sakit sa libingan ay humawak sa akin:  
Aking nasusumpungan ang kabagabagan at kapanlawan.
- 4 Ng magkagayo'y tumawag ako sa pangalan ng PANĠINOON;  
Oh PANĠINOON, namamanhik ako sa iyo, iligtas mo ang aking kalulua.
- 5 Mapagbiyaya ang PANĠINOON, at banal;  
Oo, ang aming Dios ay maawain.
- 6 Pinalalagi ng PANĠINOON ang mga tapat na loob:  
Ako'y nababa, at kaniyang iniligtas ako.
- 7 Magbalik ka sa iyong kapahingahan,  
Oh kalulua ko;  
Sapagka't ang PANĠINOON ay gumawang may sagana sa iyo.
- 8 Sapagka't iyong iniligtas ang aking kalulua sa kamatayan,  
Ang aking mga mata sa mga luha,  
At ang aking mga paa ay sa pagkabual.
- 9 Ako'y lalakad sa harap ng PANĠINOON,  
Sa lupain ng may buhay.



- 10 Ako'y sumasampalataya, sapagka't ako'y magsasalita:  
Ako'y napipighating mainam:
- 11 Aking sinabi sa aking pagmamadali,  
Lahat ng tawo ay bulaan.
- 12 ¿Ano ang aking igaganti sa PANGINOON  
Dahil sa lahat niyang kabutihan sa akin?
- 13 Aking kakunin ang kopa ng kaligtasan,  
At tatawag ako sa pangalan ng PANGINOON.
- 14 Aking tutuparin ang aking mga panata sa PANGINOON,  
Oo, sa harap ng boo niyang bayan.
- 15 Mahalaga sa paningin ng PANGINOON  
Siyang kamatayan ng kaniyang mga santo.
- 16 Oh PANGINOON, tunay na ako'y iyong alipin:  
Ako'y iyong alipin na anak ng iyong aliping babaye;  
Iyong kinalag ang aking mga pangaw.
- 17 Aking ihahandog sa iyo ang hayin ng pasasalamat,  
At tatawag ako sa pangalan ng PANGINOON.
- 18 Aking tutuparin ang aking mga panata sa PANGINOON,  
Oo, sa harap ng boo niyang bayan;
- 19 Sa mga looban ng bahay ng PANGINOON,  
Sa gitna mo, Oh Jerusalem.  
Purihin ninyo ang PANGINOON.
- 117 Oh purihin ninyo ang PANGINOON,  
ninyong lahat na mga nasyon;  
Purihin ninyo siya, ninyong lahat na mga bayan.
- 2 Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay malaki sa atin;  
At ang katotohanan ng PANGINOON ay magpakailan man.  
Purihin ninyo ang PANGINOON.
- 118 Oh magpasalamat kayo sa PANGINOON; sapagka't siya'y mabuti:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 2 Magsabi ngayon ang Israel,  
Na ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 3 Magsabi ngayon ang bahay ni Aaron:  
Na ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 4 Magsabi ngayon ang mga natatakot sa PANGINOON,
- Na ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 5 Sa aking kapaulawan ay tumawag ako sa PANGINOON:  
Sinagot ako ng PANGINOON, at *milagay ako* sa malaking lugar.
- 6 Ang PANGINOON ay sumasa akin; hindi ako matatakot:  
¿Anong magagawa ng tawo sa akin?
- 7 Ang PANGINOON ay sumasa akin sa gitna nila na tumutulong sa akin:  
Kaya't makikita ko ang *nasa ko* sa kanila na napopoot sa akin.
- 8 Mabuti ang umasa sa PANGINOON  
Kay sa magkatiwala sa tawo.
- 9 Mabuti ang umasa sa PANGINOON  
Kay sa magkatiwala sa mga pangulo.
- 10 Kinukulong ako ng lahat na nasyon sa palibot:  
Sa pangalan ng PANGINOON ay aking ihihiwalay sila.
- 11 Kanilang kinulong ako sa palibot; oo, kanilang kinulong ako sa palibot:  
Sa pangalan ng PANGINOON ay aking ihihiwalay sila.
- 12 Kanilang kinulong ako sa palibot na parang mga bubuyog: mga namatay na parang apoy ng mga siit:  
Sa pangalan ng PANGINOON ay aking ihihiwalay sila.
- 13 Ikaw ay unamba na mainam sa akin ng ako'y mabubual:  
Nguni't tinulungan ako ng PANGINOON.
- 14 Ang PANGINOON ay aking kalakasan at awit;  
At siya'y naging aking kaligtasan.
- 15 Ang voces ng kagalakan at kaligtasan ay nasa mga dampa ng banal:  
Ang kanan ng PANGINOON ay gumagawang matapang.
- 16 Ang kanan ng PANGINOON ay nataas:  
Ang kanan ng PANGINOON ay gumagawang matapang.
- 17 Hindi ako mamamatay, kungdi mabubuhay,  
At maghahayag ng mga gawa ng PANGINOON.
- 18 Pinarusahan akong mainam ng PANGINOON:  
Nguni't hindi niya ako ibinigay sa kamatayan.
- 19 Buktan ninyo sa akin ang mga pintuang-daang ng kabanalan:  
Aking mga papasukan, ako'y magpapasalamat sa PANGINOON.
- 20 Ito'y pintuang-daang ng PANGINOON;

- Papasukan ng banal.
- 21 Ako'y magpapasalamat sa iyo, sapagka't sinagot mo ako,  
At ikaw ay naging aking kaligtasan.
- 22 Ang bato na itinakuil ng mangagawa  
Ay naging pangulo sa sulok.
- 23 Ito ang gawa ng PANGINOON;  
Kagilagilalas sa ating mga mata.
- 24 Ito ang araw na ginawa ng PANGINOON;  
Tayo'y magagalak at ating katutuaan.
- 25 Magligtas ka ngayon, isinasamo namin sa iyo, Oh PANGINOON:  
Oh PANGINOON, isinasamo namin sa iyo, magsugo ka ngayon ng kaginhawahan.
- 26 Mapalad siya na dumarating sa pangalan ng PANGINOON:  
Aming pinuri kayo mula sa bahay ng PANGINOON.
- 27 Ang PANGINOON ay Dios, at binigyan niya tayo ng liwanag;  
Talian ninyo ang hayin ng mga panali sa mga sungay ng altar.
- 28 Ikaw ay aking Dios, at magpapasalamat ako sa iyo:  
Ikaw ay aking Dios, aking pupurihin kita.
- 29 Oh magpasalamat kayo sa PANGINOON; sapagka't siya'y mabuti:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.

## 119

## ALEPHI.

- 1 Mapalad silang sakdal sa daan,  
Na lumalakad sa kautusan ng PANGINOON.
- 2 Mapalad silang nag-iingat ng kaniyang mga patotoo,  
Na humahanap sa kaniya ng boong puso.
- 3 Oo, silang hindi gumagawa ng kalikuan;  
Sila'y lumalakad sa kaniyang mga daan.
- 4 Iyong iniutos sa amin ang iyong mga utos,  
Upang aming sunding maingat.
- 5 Oh kung ang aking mga daan ay natatag,  
Upang sundin ang iyong mga palatuntunan!
- 6 Hindi nga ako mapapahiya,  
Pagka ako'y nagkaroon ng galang sa inyong lahat na utos.
- 7 Ako'y magpapasalamat sa iyo na may matuid na puso,

- Pagka aking napag-aralan ang iyong mga banal na kahalutalan.
- 8 Aking tutuparin ang iyong mga palatuntunan:  
Oh huag mo akong pabayaang lubos.

## BETHI.

- 9 Paanong malilinis ng binata ang kaniyang daan?  
Sa pag-iingat ng ayon sa iyong salita.
- 10 Hinanap kita ng aking boong puso:  
Oh huag mo akong pagalain na mula sa iyong mga utos.
- 11 Ang iyong salita ay aking inilagay sa aking puso,  
Upang huag akong magkasala laban sa iyo.
- 12 Mapalad ka Oh PANGINOON:  
Ituro mo sa akin ang iyong mga palatuntunan.
- 13 Aking inibayag ng aking mga labi  
Ang lahat na kahalutalan ng iyong bibig.
- 14 Ako'y nagalak sa daan ng iyong mga patotoo,  
Na gaya ng lahat na kayamanan.
- 15 Ako'y magbubulay sa iyong mga utos,  
At gagalang sa iyong mga daan.
- 16 Ako'y mag-aaliw sa iyong mga palatuntunan:  
Hindi ko kalilimutan ang iyong salita.

## GIMEL.

- 17 Gumawa kang may kaawaan sa iyong alipin, upang ako'y mabuhay;  
Sa gayo'y aking susundin ang iyong salita.
- 18 Idilat mo ang aking mga mata, upang ako'y makakita  
Ng mga kagilagilalas na mga bagay na sa iyong kautusan.
- 19 Ako'y mangingibangbayan sa lupa:  
Huang mong ikubli ang iyong mga utos sa akin.
- 20 Ang aking puso ay nadudurog sa nais  
Na nagtatamo sa iyong mga kahalutalan sa lahat ng panahon.
- 21 Iyong sinaway ang palalong tampalasan,  
Na nagsisihiwalay sa iyong mga utos.
- 22 Alisin mo sa akin ang kadustaan at kawalan ng kabuluhan;  
Sapagka't aking iningatan ang iyong mga patotoo.
- 23 Mga pangulo naman ay nauupo, at nag-usap laban sa akin:

*Nguni't* ang iyong alipin ay nagbulay sa iyong mga palatuntunan.

- 24 Ang iyong mga patotoo naman ay aking mga kaaliwan  
At aking mga tagapayo.

## DALETH.

- 25 Ang aking kalulua ay dumidikit sa alabok:  
Buhayin mo ako ayon sa iyong salita.
- 26 Aking inihayag ang aking mga lakad, at ikaw ay sumagot sa akin:  
Ituro mo sa akin ang iyong mga palatuntunan.
- 27 Ipakilala mo sa akin ang daan ng iyong mga utos:  
Sa gayo'y aking bubulayin ang iyong mga kagilagilalas na mga gawa.
- 28 Ang aking kalulua ay natutunaw sa kabigatan ng loob:  
Iyong palakasin ako ayon sa iyong salita.
- 29 Ilayo mo sa akin ang daan ng kasinun-  
ngalingan:  
At ipagkaloob mo sa akin ang iyong kautusan na may biyaya.
- 30 Aking pinili ang daan ng pagtatapat:  
Ang iyong mga kahatulan ay inilagay ko sa harap mo.
- 31 Ako'y kumapit sa iyong mga patotoo:  
Oh PANGINOON, huag mo akong ilagay sa kahihyan.
- 32 Aking tatakbuhan ang daan ng iyong mga utos,  
Pagka iyong pinalaki ang aking puso.

## HE.

- 33 Ituro mo sa akin, Oh PANGINOON, ang daan ng iyong mga palatuntunan;  
At aking iingatang hangang sa wakas.
- 34 Bigyan mo ako ng kaalaman, at aking iingatang ang iyong kautusan;  
Oo, aking susundin ng aking boong puso.
- 35 Payaunin mo ako sa landas ng iyong mga utos;  
Sapagka't siya kong kinaaliwan.
- 36 Ikiling mo ang aking puso sa iyong mga patotoo,  
At huag sa kasakiman.
- 37 Alisin mo ang aking mga mata sa pagtingin ng walang kabuluhan,  
At buhayin mo ako sa iyong mga daan.
- 38 Pagtibayin mo ang iyong salita sa iyong alipin,

Na ukol sa takot sa iyo.

- 39 Alisin mo ang aking kadustaan na aking kinatatakutan;  
Sapagka't ang iyong mga kahatulan ay mabuti.
- 40 Narito, ako'y nagnais ng iyong mga utos:  
Buhayin mo ako sa iyong kabanalan.

## VAU.

- 41 Padatingin mo sa akin ang iyong mga kaawaan, Oh PANGINOON,  
Ang iyong kaligtasan, ayon sa iyong salita.
- 42 Sa gayo'y magkakaroon ako ng kasagutan sa kaniya na dumuduahagi sa akin;  
Sapagka't ako'y umaasa sa iyong salita.
- 43 At huag mong lubos na kunin ang salita ng katotohanan sa aking bibig;  
Sapagka't ako'y umasa sa iyong mga kahatulan.
- 44 Gayon ko susundin ang iyong kautusan na palagi  
Magpakailan pa man.
- 45 At lalakad ako sa kalayaan;  
Sapagka't aking hinanap ang iyong mga utos.
- 46 Ako nama'y magsasalita ng iyong mga patotoo sa harap ng mga hari,  
At hindi ako mapapahiya.
- 47 At ako'y maaaliw sa iyong mga utos,  
Na aking inibig.
- 48 Akin namang itataas ang aking mga kamay sa iyong mga utos, na aking inibig;  
At ako'y magbubulay sa iyong mga palatuntunan.

## ZAIN.

- 49 Iyong alalahanin ang salita sa iyong alipin,  
Sapagka't iyong pinaasa ako.
- 50 Ito'y aking kaaliwan sa aking pagkapihati:  
Sapagka't binuhay ako ng iyong salita.
- 51 Ang palalo ay dumuuhaging mainam sa akin:  
Gayon ma'y hindi ako humiwalay sa iyong kautusan.
- 52 Aking naalala ang iyong mga kahatulan ng una, Oh PANGINOON,  
At ako'y naaliw.
- 53 Mainit na galit ang humawak sa akin,

- Dahil sa masama na nagbabaya ng  
iyong kautusan.
- 54 Ang iyong mga palatuntunan ay na-  
ging aking mga awit  
Sa bahay ng aking pangangibangbayan.
- 55 Aking naalala ang iyong pangalan, Oh  
PANGINOON sa kinagabilan,  
At sinunod ko ang iyong kautusan.
- 56 Ito ang tinamo ko,  
Sapagka't aking iningatan ang iyong  
mga utos.

### CHETH.

- 57 Ang PANGINOON ay aking bahagi :  
Aking sinabi na aking tutuparin ang  
iyong mga salita.
- 58 Aking hiniling ang iyong biyaya ng  
aking boong puso :  
Maawa ka sa akin ayen sa iyong sali-  
ta.
- 59 Aking inisip ang aking mga daan,  
At ibinalik ko ang aking mga paa sa  
iyong mga patotoo.
- 60 Ako'y nagmadali, at hindi ako nagma-  
kupa,  
Na sundin ang iyong mga utos.
- 61 Niligid ako ng mga panili ng masa-  
ma ;  
Nguni't hindi ko nilimot ang iyong  
kautusan.
- 62 Sa hating gabi ay magbabangon ako  
upang magpasalamat sa iyo  
Dahil sa iyong mga banal na kahatu-  
lan.
- 63 Ako'y kasama ng lahat na natatakot  
sa iyo,  
At ng mga tumutupad ng iyong mga  
utos.
- 64 Ang lupa, Oh PANGINOON, ay puno ng  
iyong kaawaan :  
Ituro mo sa akin ang iyong mga pala-  
tuntunan.

### TETH.

- 65 Ikaw ay gumawang mabuti sa iyong  
alipin,  
Oh PANGINOON ayon sa iyong salita.
- 66 Turuan mo ako ng mabuting kahatu-  
lan at kaalaman ;  
Sapagka't ako'y sumampalataya sa i-  
yong mga utos.
- 67 Bago ako napighati ay naligaw ako ;  
Nguni't ngayoy tinutupad ko ang  
iyong salita.
- 68 Ikaw ay mabuti, at gumagawa ng  
mabuti ;

Ituro mo sa akin ang iyong mga pala-  
tuntunan.

- 69 Ang palalo ay kumatha ng kabulaanan  
laban sa akin :  
Aking tutuparin ang iyong mga utos  
ng aking boong puso.
- 70 Ang puso nila ay matabang parang  
sebo ;  
Nguni't ako'y naaalih sa iyong kautu-  
san.
- 71 Mabuti sa akin na ako'y napighati ;  
Upang aking mapag-aralan ang iyong  
mga palatuntunan.
- 72 Ang kautusan ng iyong bibig ay maga-  
ling sa akin  
Kay sa libong ginto at pilak.

### JOD.

- 73 Ginawa ako at hinichuran ako ng i-  
yong mga kamay :  
Bigyan mo ako ng pagkakilala, upang  
aking mapag-aralan ang iyong mga  
utos.
- 74 Silang natatakot sa iyo ay makikita  
ako, at matutua ;  
Sapagka't ako'y umasa sa iyong salita.
- 75 Talastas ko, Oh PANGINOON na ang  
iyong mga kahatulan ay banal,  
At sa pagtatapat, iyo akong pinighati.
- 76 Isinasamo ko sa iyo na maging aking  
kaaliwan ang iyong kagandahang-  
loob,  
Ayon sa iyong salita sa iyong alipin.
- 77 Dumating sa akin ang iyong malambot  
na kaawaan upang ako'y mabuhay :  
Sapagka't ang iyong kautusan ay aking  
kaaliwan.
- 78 Mahiya ang palalo ; sapagka't sinira-  
ang puri nila ako ng walang kada-  
hilanan :  
Nguni't ako'y magbubulay sa iyong  
mga utos.
- 79 Magbalik sa akin yaong mga natatakot  
sa iyo,  
At kanilang makikilala ang iyong mga  
patotoo.
- 80 Maging sakdal ang aking puso sa i-  
yong mga palatuntunan ;  
Upang huag akong mapahiya.

### CAPH.

- 81 Ang aking kalulus ay nanlulupaypay  
dahil sa iyong pagliligtas :  
Nguni't umaasa ako sa iyong salita.
- 82 Ang aking mga mata ay nangangalu-  
mata dahil sa iyong salita,

- Samantalang aking sinasabing: ; Kailan mo ako aaliwin?
- 83 Sapagka't ako'y naging parang botella sa usok;  
Gayon ma'y hindi ko kinalilimutan ang iyong mga palatuntunan.
- 84 ; Gaano karami ang mga araw ng iyong alipin?  
; Kailan ka gagawa ng kahatulan sa kanila na umuusig sa akin?
- 85 Inihukay ako ng mga hukay ng palalo, Na hindi mga ayon sa iyong kautusan.
- 86 Lahat mong utos ay tapat:  
Kanilang inuusig ako na may kamalian; tulongan mo ako.
- 87 Kanilang tinunaw ako halos sa ibabaw ng lupa;  
Ngunit hindi ko pinabayaan ang iyong mga utos.
- 88 Buhayin mo ako ayon sa iyong kagan-dahang-loob;  
Sa gayo'y aking tutuparin ang patotoo ng iyong bibig.

## LAMED.

- 89 Magpakailan man, Oh PANGINOON,  
Ang iyong salita ay natatatag sa langit.
- 90 Ang iyong pagtatapat ay sa lahat ng lahi:  
Iyong itinatag ang lupa, at lumalagi.
- 91 Namamalagi sa araw na ito ayon sa iyong mga ayos;  
Sapagka't lahat ng bagay ay iyong mga alipin.
- 92 Kungdi ang iyong kautusan ay naging aking kaaliwan,  
Namatay nga sana ako sa aking pagkapighati.
- 93 Hindi ko kalilimutan kailan man ang iyong mga palatuntunan;  
Sapagka't kasama nila na iyong binubay ako.
- 94 Ako'y iyo, iligtas mo ako,  
Sapagka't aking hinanap ang iyong mga utos.
- 95 Hinintay ako ng masama upang ako'y patayin;  
Ngunit aking bubulayin ang iyong mga patotoo.
- 96 Aking nakita ang wakas ng boong kasakdalan;  
Ngunit ang iyong utos ay totoong malapad.

## MEM.

- 97 ; Oh kung paanong aking iniibig ang iyong kautusan!  
Siyang aking gunita boon araw.
- 98 Pinaranong ako kay sa aking mga kaaway ng iyong mga utos;  
Sapagka't mga laging sa akin.
- 99 Ako'y may lalong kaalaman kay sa lahat ng tagapagturo sa akin;  
Sapagka't ang iyong mga patotoo ay aking gunita.
- 100 Ako'y nakakaalam na higit kay sa may katandaan,  
Sapagka't aking tinupad ang iyong mga utos.
- 101 Aking pinigil ang aking mga paa sa lahat ng masamang daan,  
Upang aking masunod ang iyong salita.
- 102 Ako'y hindi humiwalay sa iyong mga kahatulan;  
Sapagka't iyong tinuruan ako.
- 103 ; Pagkatamis ng iyong mga salita sa aking lasa!  
; Oo, matamis kay sa pulot sa aking bibig!
- 104 Sa iyong mga utos ay nagkamit ako ng kaalaman:  
Kaya't aking kinapopootan ang lahat na maling daan.

## NUN.

- 105 Ang iyong salita ay ilawan sa aking mga paa,  
At liwanag sa aking landas.
- 106 Ako'y sumumpa, at pinagtibay ko,  
Na aking tutuparin ang iyong mga banal na kahatulan.
- 107 Ako'y napighating mainam:  
Buhayin mo ako, Oh PANGINOON,  
ayon sa iyong salita.
- 108 Tangapin mo, isinasamo ko sa iyo, ang mga kusang handog ng aking bibig,  
Oh PANGINOON,  
At ituro mo sa akin ang iyong mga kahatulan.
- 109 Ang aking kalulua ay laging nasa aking kamay;  
Gayon ma'y hindi ko kinalilimutan ang iyong kautusan.
- 110 Ipinaglagay ako ng silo ng masama;  
Gayon ma'y hindi ako lumiko sa iyong mga utos.
- 111 Ang iyong mga patotoo ay aking inari na pinakamana magpakailan man;

Sapagka't sila ang kagalakan ng aking puso.

- 112 Aking ikiniling ang aking puso na tuparin ang iyong mga palatuntunan,  
Magpakailan man, hangang sa wakas.

*SAMECH.*

- 113 Aking kinapopootan sila na may salawahang pag-iisip;  
Ngubi't ang iyong kautusan ay iniibig ko.
- 114 Ikaw ang aking kublihang lugar, at aking kalasag;  
Ako'y umaasa sa iyong salita.
- 115 Humiwalay kayo sa akin, kayong mga mangagawa ng kasam-an;  
Upang aking maingat ang mga utos ng aking Dios.
- 116 Alalayan mo ako ayon sa iyong salita, upang ako'y mabuhay;  
At huag mo akong hiyain sa aking pag-asa.
- 117 Alalayan mo ako, at ako'y maliligtas, At magkakaroon ako ng laging pitagan sa iyong mga palatuntunan.
- 118 Iyong inilagay sa wala silang lahat na naliligaw sa iyong mga palatuntunan;  
Sapagka't ang kanilang pagdaraya ay kasinungalingan.
- 119 Iyong inaalis ang lahat ng masama sa lupa na parang dumi;  
Kaya't aking iniibig ang iyong mga patotoo.
- 120 Ang aking laman ay nanginginig dahil sa takot sa iyo;  
At ako'y takot sa iyong mga kahalutulan.

*AIN.*

- 121 Ako'y gumawa ng mga kahatulan at mga hatol;  
Huag mo akong iwan sa mga mami-mighati sa akin.
- 122 Sagutan mo ang iyong alipin ng ikabubuti;  
Huag mo akong ipapighati sa palalo.
- 123 Ang aking mga mata ay nangangalumata dahil sa iyong pagliligtas,  
At dahil sa iyong banal na salita.
- 124 Gumawa ka sa iyong alipin ng ayon sa iyong kaawaan,  
At ituro mo sa akin ang iyong mga palatuntunan.

125 Ako'y iyong alipin, bigyan mo ako ng kaalaman;  
Upang aking malaman ang iyong mga patotoo.

126 Kapanahunan sa PANGINOON na gumawa;  
Sapagka't kanilang niwalang kabuluhan ang iyong kautusan.

127 Kaya't aking iniibig ang iyong mga utos  
Ng higit sa ginto, oo, higit sa dalisay na ginto.

128 Kaya't aking pinahalalagahan na matuid ang lahat mong mga utos tungkol sa lahat ng bagay;  
At aking kinapopootan ang bawa't lisiang daan.

*PE.*

129 Ang iyong mga patotoo ay kagilagilalas;  
Kaya't mga iniingat ng aking kaluluha.

130 Ang bukas ng iyong mga salita ay nagbibigay ng liwanag;  
Nagbibigay ng kaalaman sa walang muang.

131 Aking binubuka ng maluang ang aking bibig, at ako'y nagbubuntong-hininga;  
Sapagka't aking ninansais ang iyong mga utos.

132 Magbalik ka sa akin, at maawa ka sa akin,  
Gaya ng iyong kinauugaliang gawin sa mga umiibig ng iyong pangalan.

133 Iayos mo ang aking mga hakbang sa iyong salita;  
At huag magkaroon ng pagsakop sa akin ang ano mang kasam-an.

134 Tubusin mo ako sa pagpighati ng tawo;  
Sa gayo'y aking tutuparin ang iyong mga utos.

135 Pasilangin mo ang iyong mukha sa iyong alipin;  
At ituro mo sa akin ang iyong mga palatuntunan.

136 Ang aking mga mata ay umaagos ng mga ilog ng tubig,  
Sapagka't hindi nila tinutupad ang iyong kautusan.

*TZADE.*

137 Banal ka, Oh PANGINOON,  
At matuid ang iyong mga kahatulan.

- 138 Iyong iniutos ang iyong mga patotoo na may kabanalan  
At totoong may pagtatapat.
- 139 Tinunaw ako ng aking sikap,  
Sapagka't kinalimutan ng aking mga kaaway ang iyong mga salita.
- 140 Ang iyong salita ay totoong malinis;  
Kaya't iniibig ng iyong alipin.
- 141 Ako'y maliit at nawalang kabuluhan:  
*Gayon ma'y hindi ko kinalilimutan ang iyong mga utos.*
- 142 Ang iyong kabanalan ay walang hangang kabanalan,  
At ang iyong kautusan ay katotohanan.
- 143 Kabagabagan at kapanlawan ay humawak sa akin:  
*Gayon ma'y ang iyong mga utos ay aking kaaliwan.*
- 144 Ang iyong mga patotoo ay banal magpakailan man:  
Bigyan mo ako ng kaalaman, at mabubuhay ako.

## KOPH.

- 145 Ako'y tumawag ng aking boong puso;  
sagutin mo ako, Oh PANGINOON:  
Aking iingat ang iyong mga palatuntunan.
- 146 Ako'y tumawag sa iyo; iligtas mo ako,  
At aking tutuparin ang iyong mga patotoo.
- 147 Ako'y nagpauna sa bukung liwayway ng umaga, at dumaing ako:  
Ako'y umasa sa iyong mga salita.
- 148 Ang aking mga mata ay nagpapauna sa mga pagpupuyat sa gabi,  
Upang aking mabulay ang iyong salita.
- 149 Iyong dingin ang aking voces ayon sa iyong kagandahang-loob:  
Buhayin mo ako, oh PANGINOON,  
ayon sa iyong mga kahatulan.
- 150 Sila'y lumalapit na sumusunod sa kasaman;  
Sila'y malayo sa iyong kautusan.
- 151 Ikaw ay malapit, Oh PANGINOON;  
At lahat mong utos ay katotohanan.
- 152 Ng una'y nakakilala ako sa iyong mga patotoo,  
Na iyong mga itinayo sa magpakailan man.

## RESH.

- 153 Pakundanganan mo ang aking pagkapighati, at iligtas mo ako;  
Sapagka't hindi ko kinalilimutan ang iyong kautusan.
- 154 Ipaglaban mo ang aking usap, at tubusin mo ako:  
Buhayin mo ako ayon sa iyong salita.
- 155 Kaligtasan ay malayo sa masama;  
Sapagka't hindi nila binahanap ang iyong mga palatuntunan.
- 156 Malaki ang iyong mga kaawaan, Oh PANGINOON:  
Buhayin mo ako ayon sa iyong mga kahatulan.
- 157 Marami ang mga mang-uusig sa akin at mga kaaway ko;  
*Gayon ma'y hindi ako humiwalay sa iyong mga patotoo.*
- 158 Aking namasdan ang mga mangagawang di tapat, at ako'y namanlaw;  
Sapagka't hindi nila sinusunod ang iyong salita.
- 159 Masdan mo kang paanong iniibig ko ang iyong mga utos:  
Buhayin mo ako, Oh PANGINOON,  
ayon sa iyong kagandahang-loob.
- 160 Ang kabuocan ng iyong salita ay katotohanan;  
At lahat ng iyong banal na kahatulan ay magpakailan man.

## SHIN.

- 161 Inusig ako ng mga pangulo na walang kadahilanan;  
Nguni't ang aking puso ay nanginginig sa iyong mga salita.
- 162 Ako'y nagagalak sa iyong salita,  
Na gaya ng nakakasumpung ng malaking samsam.
- 163 Aking kinapopootan at kinasusuklaman ang pagsisinungaling;  
Nguni't ang iyong kautusan ay aking iniibig.
- 164 Makapito sa isang araw na pumapuri ako sa iyo,  
Dahil sa iyong mga banal na kahatulan.
- 165 Malaking kapayapaan ang tinatamo nila na umiibig ng iyong kautusan;  
At sila'y walang kadahilangang ika-titisisod.
- 166 Ako'y umasa sa iyong kaligtasan,  
Oh PANGINOON,

At ginanap ko ang iyong mga utos.

167 Sinunod ng aking kalulua ang iyong mga patotoo;

At mga iniibig kong mainam.

168 Aking tinupad ang iyong mga utos at ang iyong mga patotoo;

Sapagka't lahat ng aking daan ay nasa harap mo.

### TAU.

169 Dumating sa harap mo ang aking daing, Oh PANGINOON:

Bigyan mo ako ng kaalaman ayon sa iyong salita.

170 Dumating sa harap mo ang aking pamahik:

Iligtas mo ako ayon sa iyong salita.

171 Mapuspos ng pagpuri ang aking mga labi;

Sapagka't iyong tinuturo sa akin ang iyong mga palatuntunan.

172 Awitin ng aking dila ang iyong salita;

Sapagka't lahat ng iyong mga utos ay kabanalan.

173 Humanda ang iyong kamay na tulungan ako;

Sapagka't aking pinili ang iyong mga utos.

174 Aking pinagbuntuhang-hininga ang iyong pagliligtas, Oh PANGINOON:

At ang iyong kautusan ay aking kaaliwan.

175 Mabuhay ang aking kalulua, at puri sa iyo;

At tulongan ako ng iyong mga kahalutalan.

176 Ako'y gumala na parang tupang nawa; iyong hanapin ang iyong alipin;

Sapagka't hindi ko kinalilimutan ang iyong mga utos.

### 120

*Awit sa mga Pagsampa.*

1 Sa aking kapaulawan ay dumaing ako sa PANGINOON,

At sinagot niya ako.

2 Iligtas mo ang aking kalulua, Oh PANGINOON, sa mga magdarayang labi,

At sa magdarayang dila.

3 Anong maibigay sa iyo, at anong magagawa pa sa iyo,

Ikaw na magdarayang dila?

4 Mga ihasang pana ng makapangyarihan,

At mga baga ng enebro.

5 Sa aba ko, na naningibangbayan sa Mesek,

Na tumatahan ako sa mga balag ng Kedar!

6 Malaon ng tinatahanan ng aking kalulua

Na kasama niyang napopoot sa kapayapaan.

7 Ako'y sa kapayapaan:

Ngudi't pagka ako'y nagsasalita, sila'y sa pakikipagbaka.

### 121

*Awit sa mga Pagsampa.*

1 Aking ititingin ang aking mga mata sa mga bundok:

¿Na pangagalingan ba ng aking saklolo?

2 Ang saklolo sa akin ay nangagaling sa PANGINOON,

Na lumikha ng langit at lupa.

3 Hindi niya titiising ang iyong paa ay mabago:

Siyang nag-iingat sa iyo, hindi iidlip.

4 Narito, siyang nag-iingat ng Israel

Hindi iidlip o matutulog man.

5 Ang PANGINOON ay iyong tagapag-ingat:

Ang PANGINOON ay iyong lilim sa iyong kanan.

6 Hindi ka sasaktan ng araw sa araw,

O ng buan man sa gabi.

7 Iingatan ka ng PANGINOON sa lahat ng kasam-an;

Kaniyang iingatan ang iyong kalulua.

8 Iingatan ng PANGINOON ang iyong paglabas at ang iyong pagpasok,

Mula sa panahong ito at hangang sa haharapin.

### 122

*Awit sa mga Pagsampa; ni David.*

1 Ako'y natua ng kanilang sabihin sa aking,

Tayo'y paroon sa bahay ng PANGINOON.

2 Ang ating mga paa ay tumatayo

Sa loob ng iyong mga pintuang-daan, Oh Jerusalem;

3 Jerusalem, na natayo

Na parang ciudad na nagkakalook:

4 Na sinasampahan ng mga angkan, ng mga angkan ng PANGINOON,

Na pinakapatotoo sa Israel,

Upang magpasalamat sa pangalan ng PANGINOON.



- 5 Sapagka't doo'y nalagay ang mga luklukan para sa kahatulan,  
Ang mga luklukan ng babay ni David.
- 6 Idalangin ninyo ang kapayapaan ng Jerusalem:  
Sila'y giginhawa na umiibig sa iyo.
- 7 Kapayapaan ang sumaloob ng iyong mga kuta,  
At kaginhawahan sa loob ng iyong mga palacio.
- 8 Dahil sa aking mga kapatid at aking mga kasama,  
Aking sasabihin ngayong; Kapayapaan ang sumaiyong loob.
- 9 Dahil sa bahay ng PANGINOONG aming Dios  
Aking hahanapin ang iyong buti.

## 123

*Awit sa mga Pagsampa.*

- 1 Sa iyo'y aking itinataas ang aking mga mata,  
Oh sa iyo na nauupo sa mga langit.
- 2 Narito, kung paanong tumitingin ang mga mata ng mga alipin sa kamay ng kanilang panginoon,  
Kung paano ang mga mata ng alilang babaye sa kamay ng kaniyang panginoong babaye;  
Gayon tumitingin ang aming mga mata sa PANGINOONG aming Dios,  
Hangang sa siya'y maawa sa amin.
- 3 Maawa ka sa amin, Oh PANGINOON, maawa ka sa amin:  
Sapagka't kami ay puno ng kaduستان.
- 4 Ang aming kalulua ay totoong puno  
Ng duahagi ng mga walang babala,  
At ng duahagi ng palalo.

## 124

*Awit sa mga Pagsampa; ni David.*

- 1 Kung hindi ang PANGINOON na nasa ating tabi,  
Sabihin ng Israel ngayon;
- 2 Kung hindi ang PANGINOON na nasa ating tabi,  
Ng ang mga tawo ay magbangon laban sa atin:
- 3 Nilamon nga sana tayong buhay,  
Ng ang kanilang pag-iinit ay mag-alab laban sa atin:
- 4 Tinakpan nga sana tayo ng mga tubig,  
Dinaanan sana ang ating kalulua ng agos:
- 5 Dinaanan sana ang ating kalulua ng mga palalong tubig.
- 6 Purihin ang PANGINOON,

- Na siyang hindi nagbigay sa ating parang huli sa kanilang mga ngipin.
- 7 Ang ating kalulua ay nakataanan na parang ibon sa silo ng mga maninilo:  
Ang silo ay nasira, at tayo ay nakataanan.
- 8 Ang ating saklolo ay nasa pangalan ng PANGINOON,  
Na siyang lumikha ng langit at lupa.

## 125

*Awit sa mga Pagsampa.*

- 1 Silang umaasa sa PANGINOON  
Ay parang bundok ng Zion, na hindi makilos, kungdi namamalagi magpakailan man.
- 2 Kung paanong ang mga bundok na nasa palibot ng Jerusalem,  
Gayon ang PANGINOON sa palibot ng kaniyang bayan,  
Mula sa panahong ito) at sa walang hangan.
- 3 Sapagka't ang cetro ng kasam-an ay hindi magpapahinga sa kapalaran ng banal;  
Upang luag iunat ng mga banak ang kanilang mga kamay sa kasam-an.
- 4 Gumawa ka ng mabuti, Oh PANGINOON, sa mga yaon na mabuti,  
At sa kanila na matuid sa kanilang mga puso.
- 5 Ngunit sa mga lumiliko sa kanilang mga likong lakad,  
Mga ilalabas ng PANGINOON na kasama ng mga mangagawa ng kasam-an.  
Kapayapa'y suma Israel.

## 126

*Awit sa mga Pagsampa.*

- 1 Ng ibalik ng PANGINOON ang pagkabihag ng Zion,  
Tayo ay gaya ng mga nananaginip.
- 2 Ng magkagayo'y napuno ang ating bibig ng pagtawa,  
At ang ating dila ng awit:  
Ng magkagayo'y sinabi nila sa gitna ng mga nasyon,  
Ginawan sila ng mga dakilang bagay ng PANGINOON.
- 3 Ginawan tayo ng mga dakilang bagay ng PANGINOON;  
Na siyang ating ikinatutua.
- 4 Ibalik mo uli ang aming bihag, Oh PANGINOON,  
Na gaya ng mga agos sa Timugan.

- 5 Sila na naghahasik ng mga luha ay aani ng kagalakan.
- 6 Baga man lumabas sa kaniyang daan na umiiyak, na nagdadala ng binhi; Siya'y babalik na may kagalakan, na dala ang kaniyang mga bigkis.

## 127

*Awit sa mga Pagasampa;  
ni Solomon.*

- 1 Kung hindi itinatayo ng PANGINOON ang bahay,  
Walang kabuluhang gumagawa ang mga gumagawa:  
Kungdi iniingat ng PANGINOON ang ciudad,  
Walang kabuluhang gumigising ang bantay.
- 2 Walang kabuluhan sa inyo na kayo'y bumangong maaga, at magpahingang tanghali,  
At kumain ng tinapay ng pagod:  
*Sapagka't* binibigyan niyang gayon ng pagkakatulog ang kaniyang minamahal.
- 3 Narito, ang mga anak ay mana sa PANGINOON:  
At ang bunga ng bahay-bata ay kaniyang kagantihan.
- 4 Kung paano ang mga pana sa kamay ng makapangyarihang lalaki,  
Gayon ang mga anak ng kabataan.
- 5 Mapalad ang lalaki na pumuno ng kaniyang lalagyan ng pana ng mga yaon:  
Siya'y hindi mapapahiya,  
Pagka sila'y nagsalita sa kanilang mga kaaway sa pintuang-daan.

## 128

*Awit sa mga Pagsampa.*

- 1 Mapalad ang lahat na natatakot sa PANGINOON,  
Na lumalakad sa kaniyang mga daan.
- 2 *Sapagka't* iyong kakanin ang gawa ng iyong mga kamay:  
Magiging maginhawa ka, at magiging mabuti sa iyo.
- 3 Ang iyong asawa ay magiging parang mabunang puno ng uvas, sa mga pinakaloob ng iyong bahay:  
Ang iyong mga anak ay gaya ng mga puno ng olivo, sa palibot ng iyong dilang.
- 4 Narito, na ganito pagpapalain ang tawo  
Na natatakot sa PANGINOON.

- 5 Pagpapalain ka ng PANGINOON mula sa Zion:

At iyong makikita ang buti ng Jerusalem sa lahat na kaarawan ng iyong buhay.

- 6 Oo, iyong makikita ang mga anak ng iyong mga anak.  
Kapayapa'y suma Israel.

## 129

*Awit sa mga Pagsampa.*

- 1 Madalas na ako'y pinighati nila mula sa aking kabataan,  
Sabihin ngayon ng Israel;
- 2 Madalas na ako'y pinighati nila mula sa aking kabataan:  
Gayon ma'y hindi sila nanaig laban sa akin.
- 3 Ang mga manbubukid ay bumukid sa aking likuran;  
Kanilang pinababa ang kanilang mga bungkal.
- 4 Ang PANGINOON ay banal:  
Kaniyang pinutol ang mga panali ng masama.
- 5 Mapahiya sila at magsitalikod,  
Silang lahat na napopoot sa Zion.
- 6 Sila'y maging parang damo sa mga pulupo,  
Na nalalanta bago mabunot:
- 7 Na hindi pinupuno noon ng mangagapas ang kaniyang kamay,  
O niyang nagtatali ng mga bigkis man ang kaniyang sinapupunan.
- 8 At hindi man sinasabi ng nagsisipagdaang,  
Ang pagpapapala ng PANGINOON ay sumainyo;  
Binabasbasan namin kayo sa pangalan ng PANGINOON.

## 130

*Awit sa mga Pagsampa.*

- 1 Mula sa mga kalaliman ay dumaing ako sa iyo, Oh PANGINOON.
- 2 Panginoon, dingin mo ang aking voces:  
Pakingan ng iyong mga pakinig  
Ang voces ng aking mga pamanhik.
- 3 Kung ikaw, PANGINOON, magguguhit ng mga kasam-an,  
Oh Panginoon, sinong tatayo?
- 4 Nguni't may kapatawaran sa iyo,  
Upang ikaw ay katakutan.
- 5 Aking hinihintay ang PANGINOON,  
hinihintay ng aking kaluluwa,  
At sa kaniyang salita ay umaasa ako.

- 6 *Hinahintay* ng aking kalulua ang Panginoon,  
Ng higit kay sa *paghahintay* ng bantay sa umaga;  
*Oo, higit kay sa bantay sa umaga.*
- 7 Oh Israel, umasa ka sa PANGINOON;  
Sapagka't sa PANGINOON ay may kawaan,  
At nasa kaniya ang saganang katubusan.
- 8 At kaniyang tutubusin ang Israel  
Sa lahat niyang kasam-an.

### 131 *Awit sa mga Pagsampa; ni David.*

- 1 PANGINOON, hindi nagpalalo ang aking puso, o nagmalaki man ang aking mga mata;  
O nagsanay man ako sa mga malaking bagay,  
O sa mga bagay na totoong kagilagilalas sa akin.
- 2 Tunay na aking itiniwasa'y at itinahimik ang aking kalulua;  
Gaya ng batang inihihalay sa suso sa kaniyang ina,  
Ang kalulua ko sa akin ay gaya ng inihihalay na bata sa suso.
- 3 Oh Israel, umasa ka sa PANGINOON  
Mula sa panahong ito at magpakailan pa man.

### 132 *Awit sa mga Pagsampa.*

- 1 PANGINOON, alalahanin mo si David  
Sa lahat niyang pagkadalambhati;
- 2 Kung paanong sumumpa siya sa PANGINOON,  
At nanata sa Makapangyarihan ng Jakob;
- 3 Tunay na hindi ako papasok sa tabernakulo ng aking bahay,  
O sasampa man sa aking hihigan;
- 4 Hindi ako magbibigay ng pagkakatulog sa aking mga mata,  
O magpapaidlip sa aking mga talukapmata;
- 5 Hangang sa ako'y makasumpung ng lugar para sa PANGINOON,  
Ng tahanan para sa Makapangyarihan ni Jakob.
- 6 Narito, narinig namin sa Efrata:  
Aming nasumpungan sa mga parang ng gubat.
- 7 Kami ay papasok sa kaniyang mga tahanan;

Kami ay sasamba sa harap ng kaniyang tungtungan.

- 8 Ikaw ay bumangon, Oh PANGINOON, sa iyong pahingahang lugar;  
Ikaw, at ang kaban ng iyong kalakasan.
- 9 Magsuot ang iyong mga sacerdote ng kabanalan;  
At sumutsot ang iyong mga santo dahil sa kagalakan.
- 10 Dahil sa iyong aliping kay David.  
Huag mong ipihit ang mukha ng iyong pinahiran.
- 11 Ang PANGINOON ay sumumpa kay David sa katotohanan;  
Hindi niya babaligtarin:  
Ang bunga ng iyong katawan ay aking ilalagay sa iyong luklukan.
- 12 Kung iingatn ng iyong mga anak ang aking tipan  
At ang aking patotoo na aking mga ituturo,  
Upo naman ang kanilang mga anak sa iyong luklukan magpakailan man.
- 13 Sapagka't pinili ng PANGINOON ang Zion;  
Kaniyang ninasa na pinakatahanan niya.
- 14 Ito'y aking pahingahang lugar magpakailan man:  
Dito ako tatahan; sapagka't aking ninasa.
- 15 Aking pagpapalain siyang sagana sa pagkain:  
Aking bubusugin ang kaniyang dukha ng tinapay.
- 16 Ang kaniya namang mga sacerdote ay susuotan ko ng kaligtasan:  
At ang kaniyang mga santo ay susuotot ng malakas sa kagalakan.
- 17 Doo'y aking pasisibulin ang sungay ni David;  
Aking ipinaghanda ng ilawan ang aking pinahiran.
- 18 Ang kaniyang mga kaaway ay susuotan ko ng kahihayan:  
Nguni't sa kaniya'y mamumulaklak ang kaniyang korona.

### 133 *Awit sa mga Pagsampa; ni David.*

- 1 Masdan ninyo, na pagkabuti at pagkaligaya  
Sa mga magkakapatid na tumahang magkakasama sa pagkakaisa!
- 2 Gaya ng mahalagang langis sa ulo,  
Na tumutulo sa balbas,

Sa balbas ni Aaron;  
Na tumulo sa laylayan ng kaniyang  
mga suot;

- 3 Gaya ng hamog sa Hermon,  
Na tumutulo sa mga bundok ng Zion:  
Sapagka't doon inutusan ng PANGI-  
NOON ang pagpapala,  
Ang bubay magpakailan pa man.

## 134

*Awit sa mga Pagsampa.*

- 1 Narito, purihin ninyo ang PANGI-  
NOON, ninyong lahat na alipin ng  
PANGINOON,  
Ninyong tumatayo sa kinagabihan sa  
bahay ng PANGINOON.  
2 Itaas ninyo ang inyong mga kamay  
sa dakong santuario,  
At purihin ninyo ang PANGINOON.  
3 Pinagpapala ka ng PANGINOON mula  
sa Zion;  
Niyang lumikha ng langit at lupa.

## 135

Purihin ninyo ang PANGINOON.

- Purihin ninyo ang pangalan ng  
PANGINOON;  
Purihin ninyo siya, Oh ninyong mga  
alipin ng PANGINOON:  
2 Ninyong tumatayo sa bahay ng PA-  
NGINOON,  
Sa mga looban ng bahay ng ating  
Dios.  
3 Purihin ninyo ang PANGINOON; sa-  
pagka't ang PANGINOON ay mabuti:  
Umawit kayo ng mga pagpuri sa kani-  
yang pangalan; sapagka't maligaya.  
4 Sapagka't pinili ng PANGINOON sa  
kaniya ang Jakob,  
At ang Israel na kaniyang pinaka-  
tanging kayamanan.  
5 Sapagka't talastas ko na ang PANGI-  
NOON ay dakila,  
At ang ating Panginoon ay higit sa  
lahat ng dios.  
6 Ano mang kinalugdan ng PANGINOON,  
ay kaniyang ginawa,  
Sa langit at sa lupa, sa mga dagat, at  
sa lahat ng kalaliman.  
7 Kaniyang pinailanglang ang mga si-  
ngaw na tubig na mula sa mga  
wakas ng lupa;  
Kaniyang ginagawa ang mga kidlat  
para sa ulan;  
Kaniyang inilalabas ang hangin mula  
sa kaniyang mga kayamanan.  
8 Na siyang sumugat sa panganay sa  
Egipto,  
Sa tawo at gayon din sa hayop.

- 9 Siya'y nagsugo ng mga tanda at mga  
kababalaghan sa gitna mo, Oh Egip-  
to,  
Kay Faraon, at sa lahat niyang mga  
alipin.

- 10 Na siyang sumugat sa maraming na-  
cion,  
At pumatay sa mga makapangyari-  
hang hari;  
11 Kay Sihon na hari ng mga Amorreo,  
At kay Og na hari sa Basan,  
At sa lahat ng kaharian ng Kanaan:  
12 At ibinigay ang kanilang lupain na  
pinakamana,  
Isang pinakamana sa Israel na kani-  
yang bayan.  
13 Ang iyong pangalan, Oh PANGINOON,  
ay magpakailan man;  
Ang alaala sa iyo, Oh PANGINOON, sa  
lahat ng lahi.  
14 Sapagka't habatulan ng PANGINOON  
ang kaniyang bayan,  
At magsisisi tungkol sa kaniyang mga  
alipin.

- 15 Ang mga idolo ng mga nacion ay  
pilak at ginto,  
Na gawa ng mga kamay ng mga tawo.  
16 Sila'y may mga bibig, nguni't hindi  
sila nagsasalita;  
Mga mata ay mairoon sila, nguni't  
hindi sila nakakakita;  
17 Sila'y may mga tainga, nguni't hindi  
sila nakakarinig;  
At wala mang ano mang linga sa  
kanilang mga bibig.  
18 Silang gumagawa sa kanila ay magi-  
ging gaya nila;  
Oo, lahat ng umaasa sa kanila.  
19 Oh bahay ng Israel, purihin ninyo  
ang PANGINOON:  
Oh bahay ng Aaron, purihin ninyo  
ang PANGINOON:  
20 Oh bahay ng Levi, purihin ninyo  
ang PANGINOON:  
Ninyong natatakot sa PANGINOON,  
purihin ninyo ang PANGINOON.  
21 Purihin ang PANGINOON mula sa  
Zion,  
Na siyang tumatahan sa Jerusalem.  
Purihin ninyo ang PANGINOON.

- 136 Oh magpasalamat kayo sa PANGI-  
NOON; sapagka't siya'y mabuti:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay  
magpakailan man.

- 2 Oh magpasalamat kayo sa Dios ng  
mga dios:

- Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 3 Oh magpasalamat kayo sa Panginoon ng mga panginoon:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 4 Sa kaniya na gumagawang mag-isa ng mga dakilang kababalaghan:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 5 Sa kaniya na sa kaalaman ay nilikha ang mga langit:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 6 Sa kaniya na naglalagat ng lupa sa ibabaw ng mga tubig:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 7 Sa kaniya na lumikha ng mga malaking tanlaw:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 8 Ng araw upang magpuno sa araw:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 9 Ng buan at mga bituin upang magpuno sa gabi:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 10 Sa kaniya na sumugat sa Egipto sa kanilang panganay:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 11 At kinuha ang Israel sa kanila:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 12 Sa pamamag-itan ng malakas na kamay, at ng unat na braso:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 13 Sa kaniya na humati ng Dagat na Mapula:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 14 At nagparaan sa Israel sa gitna noon:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 15 Ngunit tinabunan si Faraon at ang kaniyang hukbo sa Dagat na Mapula:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 16 Sa kaniya na pumatnubay ng kaniyang bayan sa ilang:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 17 Sa kaniya na sumugat sa mga dakilang hari:
- Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man:
- 18 At pumatay sa mga bantog na hari:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 19 Kay Sihon na hari ng mga Amorreo:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 20 At kay Og na hari sa Basan:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 21 At ibinigay ang kanilang lupain na pinakamana:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 22 Na pinakamana sa Israel na kaniyang alipin:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 23 Na siyang umalala sa atin sa ating mababang kalagayan:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 24 At iniligtas tayo sa ating mga kaaway:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 25 Siya'y nagbibigay ng pagkain sa lahat ng laman:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 26 Oh magpasalamat kayo sa Dios ng langit:  
Sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan man.
- 137** Sa tabi ng mga ilog ng Babilonia,  
Doo'y naupo tayo, oo, umiyak tayo,  
Ng ating maalala ang Zion.
- 2 Sa mga tambo sa gitna noon  
Ating ibinitin ang ating mga alpa.
- 3 Sapagka't doo'y silang sa atin ay bumihag ay humiling sa atin ng mga awit,  
At silang sa atin ay sumira ay humiling sa atin ng kasayahan, na nagsabing,  
Awitin ninyo sa amin ang isa sa mga awit ng Zion.
- 4 Paanong aawitin natin ang awit sa PANGINOON  
Sa ibang lupain?
- 5 Kung kalimutan kita, Oh Jerusalem,  
Kalimutan ng aking kaniyang kaniyang kalikhsihan.
- 6 Dumikit ang aking dila sa ngalangala ng aking bibig,  
Kungdi kita alalahanin;

Kung hindi ko piliin ang Jerusalem  
Higit sa aking pinakatangng kagala-  
kan.

- 7 Alalahanin mo, Oh PANĠNOON, laban  
sa mga anak ng Edom  
Ang kaarawan ng Jerusalem ;  
Na nagsabing, Gibain, gibain,  
Pati ng cimicento niya.
- 8 Oh anak na babaye ng Babilonia, na  
magigiba ;  
Magiging maginhawa siya na guma-  
ganti sa iyo  
Ng gaya ng iyong ipinaglingkod sa  
amin.
- 9 Magiging maginhawa siya, na kumuha  
at nagpalo sa iyong mga bata  
Sa malaking bato.

## 138

*Awit ni David.*

- 1 Ako'y magpapasalamat sa iyo ng aking  
boong puso :  
Sa harap ng mga dios ay aawit ako ng  
mga pagpuri sa iyo.
- 2 Ako'y sasamba sa dako ng iyong san-  
tong templo,  
At magpapasalamat sa iyong pangalan,  
dahil sa iyong kagandahang-loob at  
dahil sa iyong katotohanan :  
Sapagka't iyong pinadakila ang iyong  
salita sa iyong boong pangalan.
- 3 Ng araw na ako'y tumawag ay sinagot  
mo ako,  
Iyong pinatapang ako ng kalakasan sa  
aking kalulua.
- 4 Lahat ng hari sa lupa ay magpapasala-  
mat sa iyo, Oh PANĠNOON,  
Sapagka't kanilang narinig ang mga  
salita ng iyong bibig.
- 5 Oo, sila'y aawit tungkol sa mga daan  
ng PANĠNOON ;  
Sapagka't dakila ang kalualhatian ng  
PANĠNOON.
- 6 Sapagka't бага man ang PANĠNOON  
ay mataas, gumagalang din sa ma-  
baba :  
Nguni't ang palalo ay nakikilala niya  
mula sa malayo.
- 7 Baga man ako'y lumakad sa gitna ng  
kabagabagan, iyong bubuhayin ako ;  
Iyong iunat ang iyong kamay laban  
sa pag-iinit ng aking mga kaaway,  
At ililigtas ako ng iyong kanan.
- 8 Pasasakdalín ng PANĠNOON ang tung-  
kol sa akin :  
Ang iyong kaawaan, Oh PANĠNOON,  
ay magpakailan man ;

Huag mong pabayaang ang mga gawa  
ng iyong sariling mga kamay.

## 139

*Sa Punong Musiko. Awit ni  
David.*

- 1 Oh PANĠNOON, iyong siniyasat ako,  
at nakilala ako.
- 2 Iyong nakikilala ang aking pag-upo at  
ang aking pagtindig,  
Iyong nalalaman ang aking pag-iisip  
sa malayo.
- 3 Iyong siniyasat ang aking landas at  
ang aking pahingahan,  
At iyong kilala ang lahat kong mga  
lakad.
- 4 Sapagka't wala pa ang salita sa aking  
dila,  
Nguni't, narito, Oh PANĠNOON, nata-  
talastas mo ng boo.
- 5 Iyong kinulong ako sa likuran at sa  
harapan,  
At inilapag mo ang iyong kamay sa  
akin.
- 6 *Ang ganiyang kaalaman ay totoong  
kagilagilalas sa akin ;  
Mataas, hindi ko maabot.*
- 7 ¿Saan ako paroroon na mula sa iyong  
espiritu ?  
¿O saan ako tatakas na mula sa iyong  
harapan ?
- 8 Kung sumampa ako sa langit, nandian  
ka :  
Kung gawin ko ang aking bihigan sa  
libingan, narito, ikaw ay nandian.
- 9 Kung kunin ko ang mga pakpak ng  
umaga,  
At tumahan sa mga pinakahuling  
bahagi ng dagat ;
- 10 Doon ma'y papatnubayan ako ng iyong  
kamay,  
At ang iyong kanan ay hahawak sa  
akin.
- 11 Kung aking sabihing, Tunay na  
tatakpan ako ng kadiliman,  
At ang liwanag sa palibot ko ay magi-  
ging gabi ;
- 12 Ang kadiliman man ay hindi nakaku-  
kubi sa iyo,  
Kungdi ang gabi ay sumisilang na  
parang araw :  
Ang kadiliman at kaliwanagan ay  
magkaparis sa iyo.
- 13 Sapagka't iyong inari ang aking mga  
pag-iisip :  
Iyo akong tinakpan sa bahay-bata ng  
aking ina.
- 14 Ako'y magpapasalamat sa iyo ; sapag-

- ka't nilalang ako na kakilakilabot  
at kagilagilalas:  
Kagilagilalas ang iyong mga gawa;  
At talastas na mabuti ng aking kalu-  
lua.
- 15 Ang aking kabubuhayan ay hindi  
nakubli sa iyo,  
Ng ako'y lalangin sa lihim,  
At niyaring mainam sa mga pinaka-  
mababang bahagi sa lupa.
- 16 Nakita ng iyong mga mata ang aking  
mga sangkap na di sakdal,  
At sa iyong libro ay pawang nagsasul-  
lat,  
Na nagkakahichura sa araw-araw,  
Ng wala pang ano man sa kanila.
- 17 Pagka mahalaga rin ng iyong mga  
pag-iisip sa akin, Oh Dios!  
Pagkalaki ng kabuan nila!
- 18 Kung aking mga bibilangin, mga  
higit sa bilang kay sa buhangin:  
Pagka ako'y nagigising ay laging nasa  
iyo ako.
- 19 Walang pagsalang iyong papatayin  
ang masama, Oh Dios:  
Hiwalayan nga ninyo ako, Oh mga  
mabagsik na tawo.
- 20 Sapagka't sila'y nagsasalita laban sa  
iyo ng kasam-an,  
At ginagamit ng iyong mga kaaway  
ang iyong pangalan sa walang kabu-  
luhan.
- 21 Hindi ko ba kinapopootan sila, Oh  
PANGINOON, na iyong kinapopoo-  
tan?  
At hindi ba kinapapanlawan ko ang  
mga yaon na nagbabangon laban sa  
iyo?
- 22 Aking kinapopootan sila ng lubos na  
kapootan:  
Aking ibinibilang sila na aking mga  
kaaway.
- 23 Siyasin mo ako, Oh Dios, at talasta-  
sin mo ang aking puso:  
Subukin mo ako, at talusin mo ang  
aking mga pag-iisip:
- 24 At tingnan mo kung may ano mang  
daan ng kasam-an sa akin,  
At patnubayan mo ako sa daang  
walang hangan.

## 140 *Sa Punong Musiko. Awit ni David.*

- 1 Iligtas mo ako, Oh PANGINOON, sa  
masamang tawo;  
Ingatan mo ako sa marahas na tawo:  
2 Na nag-aakala ng kasam-an sa kani-  
lang puso;

Laging nagpipisan sila para sa pagba-  
baka.

- 3 Kanilang inihasa ang kanilang dila  
na parang abas;  
Kamandag ng mga abas ay nasa kani-  
lang mga labi. [Selah
- 4 Ingatan mo ako, Oh PANGINOON, sa  
mga kamay ng masama;  
Ingatan mo ako sa marahas na tawo:  
Na nag-akalang iligaw ang aking mga  
hakang.
- 5 Ipinagkubli ako ng silo, at ng mga  
panali ng palalo;  
Kanilang ipinaglagay ako ng bitag sa  
tabi ng daan;  
Sila'y naglagay ng mga silo para sa  
akin. [Selah
- 6 Aking sinabi sa PANGINOON, Ikaw ay  
aking Dios:  
Pakingan mo ang voces ng aking mga  
pamanhik, Oh PANGINOON.
- 7 Oh Dios na Panginoon, na kalakasan  
ng aking kaligtasan,  
Iyong tinakpan ang aking ulo sa kaa-  
rawan ng pagbabaka.
- 8 Huag mong ipagkalooob, Oh PANI-  
NOON, ang mga nasa ng masama;  
Huang mong papangyarihin ang kani-  
yang masamang baka; baka sila'y  
mangagmalaki. [Selah
- 9 Tungkol sa ulo niyaong mga kumuku-  
long sa aking palibot,  
Takpan sila ng kapaguran ng kanilang  
sariling mga labi.
- 10 Mahulog sa kanila ang mga bagang  
nagniningas:  
Mahagis sila sa apoy;  
Sa mga malalim na hukay, upang huag  
na silang makabangon uli.
- 11 Ang masamang mananalita ay hindi  
matatatag sa lupa:  
Huhulihin ng kasam-an ang marahas  
na lalaki upang ibual siya.
- 12 Talastas ko na aalalayan ng PANI-  
NOON ang usap ng napipighati,  
At ang matuid ng mapagkailangan.
- 13 Walang pagsalang ang bana! ay mag-  
papasalamat sa iyong pangalan:  
Ang matuid ay tatahan sa iyong  
harap.

## 141

*Awit ni David.*

- 1 PANGINOON, ako'y tumawag sa iyo;  
magmadali ka sa akin:  
Pakingan mo ang aking voces, pagka  
ako'y tumatawag sa iyo.

- 2 Malagay ang aking dalangin na parang pangsuob sa harap mo;  
Ang pagtataas ng aking mga kamay na parang hayin sa kinalapnayan.
- 3 Maglagay ka ng bantay, Oh PANGINOON, sa harap ng aking bibig;  
Ingatan mo ang pintuan ng aking mga labi.
- 4 Huag mong ikiling ang aking puso sa ano mang masamang bagay,  
Na gumawa sa mga gawa ng kasamanan  
Na kasama ng mga tawo na gumagawa ng kasamanan:  
At huag mo akong pakanin ng kanilang mga kaligayahan.
- 5 Sugatan ako ng banal, *magiging* kagandahan pa ng loob;  
At sawayin niya ako, *magiging parang* langis sa ulo;  
Huag tangihan ng aking ulo:  
Sapagka't sa kanilang kasamanan ay mamamalagi ang aking dalangin.
- 6 Ang kanilang mga hukom ay nahagis sa mga tabi ng bato;  
At kanilang maririnig ang aking mga salita; sapagka't mga matamis.
- 7 Gaya ng kung bumubukid at nananabog ang lupa,  
*Gayon* ang aming mga buto ay nangangalat sa bibig ng libingan.
- 8 Sapagka't ang aking mga mata ay nasa iyo, Oh Dios na Panginoon:  
Sa iyo ako umaasa, huag mong iwan ang aking kalulua na walang magkandili.
- 9 Ingatan mo ako sa bitag na kanilang inilagay para sa akin,  
At sa mga silo ng mga mangagawa ng kasamanan.
- 10 Mahulog ang masama sa kanilang sariling mga bitag,  
Habang ako'y nakatataanan.

## 142 *Maskil ni David, ng siya'y nasa yunġib; Dalangin.*

- 1 Ako'y dumadaing ng aking voces sa PANGINOON;  
Ako'y namamanhik ng aking voces sa PANGINOON.
- 2 Aking ibinubuhos ang aking daing sa harap niya;  
Aking ipinakilala sa harap niya ang aking kabagabagan.
- 3 Ng a'g aking espiritu ay nanlulupaypay sa loob ko, lalalaman mo ang aking landas.

Sa daan na aking nilakaran ay pinagkublihan nila ako ng silo.

- 4 Tumingin ka sa aking kanan, at tingnan mo; sapagka't walang tawo na nakakakilala sa akin:  
Silungan ay kulang ako; walang tawong nag-iingat ng aking kalulua.
- 5 Ako'y dumadaing sa iyo, Oh PANGINOON;  
Aking sinabing, Ikaw ay aking silungan,  
Aking bahagi sa lupain ng may buhay.
- 6 Pakingan mo ang aking daing; sapagka't ako'y totoong nababa:  
Iligtas mo ako sa mga umuusig sa akin; sapagka't sila'y malakas kay sa akin.
- 7 Ilabas mo ang aking kalulua sa bilangguan, upang ako'y makapagpalamat sa iyong pangalan:  
Kukulungin ako ng banal;  
Sapagka't ikaw ay gagawang may kagandahang-loob sa akin.

## 143

*Awit ni David.*

- 1 Iyong dingin ang aking dalangin, Oh PANGINOON; iyong pakingan ang aking mga pamanhik:  
Sa iyong pagtatapat ay sagutin mo ako, at sa iyong kabanalan.
- 2 At huag kang masok sa kahatulan na kasama ng iyong alipin;  
Sapagka't sa iyong paningin ay walang tawong may buhay na mapatotohanan.
- 3 Sapagka't hinabol ng kaaway ang aking kalulua;  
Kaniyang sinugatan ang aking buhay sa ibaba sa lupa:  
Kaniyang pinatahan ako sa mga madilim na lugar, gaya ng mga namatay ng malaon.
- 4 Kaya't ang aking kalulua ay nanlulupaypay sa loob ko;  
Ang puso ko sa loob ko ay sira.
- 5 Aking naaalala ang mga araw ng una;  
Aking ginugunita ang lahat mong mga gawa:  
Aking binubulay ang mga gawa ng iyong mga kamay.
- 6 Iniladlad ko ang aking mga kamay sa iyo:  
Ang aking kalulua ay *dumadaing* sa iyo, na parang ubaw na lupain. [Selah]
- 7 Magmadali kang sagutin mo ako, Oh PANGINOON; ang aking espiritu ay nanlulupaypay:



- Huag mong ikubli ang iyong mukha sa akin;  
Baka ako'y maging gaya nila na bumaba sa hukay.
- 8 Iparinig mo sa akin ang iyong kagandahang-loob sa kinaumagahan; Sapagka't sa iyo ako umaasa: Ipakilala mo sa akin ang daan na aking lalakaran; Sapagka't itinaas ko ang aking kalulua sa iyo.
- 9 Iligtas mo ako, Oh PANGINOON, sa aking mga kaaway: Tumatakas ako sa iyo upang ikubli mo ako.
- 10 Turuan mo akong gumawa ng iyong kalooban; sapagka't ikaw ay aking Dios:  
Ang iyong espiritu ay mabuti; patnubayan mo ako sa daan ng katuiran.
- 11 Buhayin mo ako, Oh PANGINOON, dahil sa iyong pangalan:  
Sa iyong kabanalan ay ilabas mo ang aking kalulua sa kabagabagan.
- 12 At sa iyong kagandahang-loob ay ihimalay mo ang aking mga kaaway, At lipulin mo ang lahat na pumipig-hati sa aking kalulua; Sapagka't ako'y iyong alipin.
- 6 Maghagis ka ng kidlat, at mga pangalatin mo;  
Suguin mo ang iyong mga pana, at lituhin mo sila.
- 7 Iunat mo ang iyong kamay mula sa itaas;  
Iyong tubusin ako, at iligtas mo ako sa mga malaking tubig;  
Sa kamay ng mga taga ibang lupa;
- 8 Na ang bibig ay nagsasalita ng walang kabuluhan,  
At ang kanilang kanang kamay ay kanang kamay ng kabulaanan.
- 9 Ako'y aawit ng bagong awit sa iyo, Oh Dios:  
Sa salterio na may sampuoneng enerdas ay aawit ako ng mga pagpuri sa iyo.
- 10 Siya ang nagbibigay ng kaligtasan sa mga hari:  
Na siyang tumubos kay David na kaniyang alipin sa manunugat na tabak.
- 11 Tubusin mo ako, at iligtas mo ako sa kamay ng mga taga ibang lupa, Na ang bibig ay nagsasalita ng walang kabuluhan,  
At ang kanilang kanang kamay ay kanang kamay ng kabulaanan,

## 144

*Awit ni David.*

- 1 Purihin ang PANGINOON na aking burol,  
Na tinuturuan ang aking mga kamay na bumaka,  
At ang aking mga daliri na lumaban:
- 2 Aking kagandahang-loob, at aking katibayan,  
Aking matayog na moog, at aking tagapagligtas;  
Aking kalasag, at siya ang aking inasahan;  
Na siyang nagpapasuko ng aking bayan sa akin.
- 3 PANGINOON, ano ang tawo, upang iyong kilalain siya?  
O ang anak ng tawo, upang iyong pahalagahan siya?
- 4 Ang tawo ay gaya ng walang kabuluhan:  
Ang kaniyang mga araw ay parang anino na dumaraan.
- 5 Ikiling mo ang iyong mga langit, Oh PANGINOON, at bumaba ka:  
Hipuin mo ang mga bundok, at mga uusok.
- 12 Pagka ang ating mga anak na lalaki ay magiging parang mga pananim na lumaki sa kanilang kabataan;  
At ang ating mga anak na babaye ay parang mga panulok na bato na hinichurahan ayon sa anyo ng isang palacio;
- 13 Pagka ang ating mga kamalig ay puno na may sarisaring bagay;  
At ang ating mga tupa ay nanganganak ng mga libo, at mga sampuoneng libo sa ating mga lansangan;
- 14 Pagka ang ating mga baka ay napapasanang mabuti;  
Pagka walang pagkasira, at paglala-ban,  
At walang panaghoy sa ating mga lansangan;
- 15 Maginhawa ang bayan, na nasa gayong kalagayan:  
Maginhawa ang bayan na ang Dios ay ang PANGINOON.

## 145

*Awit na pagpuri; ni David.*

- 1 Aking itataas kita, Dios ko, Oh Hari;

- At aking pupurihin ang iyong pangalan magpakailan pa man.
- 2 Lahat ng araw ay pupurihin kita; At aking pupurihin ang iyong pangalan magpakailan pa man.
- 3 Dakila ang PANGINOON, at marapat na purihin; At ang kaniyang kalakhan ay hindi masisiyasat.
- 4 Ang isang lali ay pupuri ng iyong mga gawa sa isa, At ihahayag ang iyong mga makapangyarihang gawa.
- 5 Sa kalualhatian ng kamahalan ng iyong karangalan, At sa iyong mga kagilagilalas na mga gawa, magbulay ako.
- 6 At ang mga tawo ay magsasalita ng kapangyarihan ng iyong mga kakilakilabot na gawa; At aking ihahayag ang iyong kalakhan.
- 7 Kanilang itatanyag ang alaala sa iyong dakilang kabutihan, At aawitin nila ang iyong mga kabanalan.
- 8 Ang PANGINOON ay mabiyaya, at puspos ng kahabagan; Banayad sa pagkagalit, at malaki sa kaawan.
- 9 Ang PANGINOON ay mubuti sa lahat; At ang kaniyang mga malambot na kaawaan ay nasa lahat niyang mga gawa.
- 10 Lahat mong gawa ay magpapasalamat sa iyo, Oh PANGINOON; At pupurihin ka ng iyong mga santo.
- 11 Sila'y magsasalita ng kalualhatian ng iyong kaharian, At mangungusap ng iyong kapangyarihan;
- 12 Upang ipakilala sa mga anak ng mga tawo ang kaniyang mga makapangyarihang gawa, At ang kalualhatian ng kamahalan ng kaniyang kaharian.
- 13 Ang iyong kaharian ay walang hanggang kaharian, At ang iyong pagsakop ay sa boong panahon.
- 14 Inaalalayan ng PANGINOON ang lahat na nabubual, At itinatayo yaong mga nasusubasob.
- 15 Ang mga mata ng lahat ay naghihintay sa iyo; At iyong ibinibigay sa kanila ang kanilang pagkain sa ukol na panahon.
- 16 Iyong binubuksan ang iyong kamay, At sinasapatan mo ang nasa ng lahat na may buhay na bagay.
- 17 Ang PANGINOON ay banal sa lahat niyang daan, At mapagbiyaya sa lahat niyang mga gawa.
- 18 Ang PANGINOON ay malapit sa lahat na tumatawag sa kaniya, Sa lahat na tumatawag sa kaniya sa katotohanan.
- 19 Kaniyang tutuparin ang nasa nila na natatakot sa kaniya; Kaniya ring didingin ang kanilang dang, at ililigtas sila.
- 20 Inilingatan ng PANGINOON ang lahat na umiibig sa kaniya; Nguni't lahat ng masama ay lilipulin niya.
- 21 Ang aking bibig ay magsasalita ng kapurihan ng PANGINOON; At purihin ng lahat na laman ang kaniyang santong pangalan magpakailan pa man.

## 146 Purihin ninyo ang PANGINOON.

Purihin mo ang PANGINOON, Oh kaluluha ko.

- 2 Samantalang ako'y nabubuhay ay pupurihin ko ang PANGINOON: Ako'y aawit ng mga pagpuri sa aking Dios, samantalang ako'y may buhay.
- 3 Huag ninyong ilagak ang inyong pag-asa sa mga pangulo, O sa anak man ng tawo, na walang pagsaklolo.
- 4 Ang linga niya ay pumapanaw, siya'y nagbabalik sa kaniyang pagkalupa; Na sa araw ding yaon ay mawawala ang kaniyang mga pag-iisip.
- 5 Maginhawa ang may pinakasaklolo sa Dios ng Jakob, Na ang pag-asa ay nasa PANGINOON kaniyang Dios:
- 6 Na lumikha ng langit at lupa, Ng dagat, at ng lahat na nandoon; Na nag-iingat ng katotohanan magpakailan man:
- 7 Na gumagawa ng kahatulan sa napi-pighati; Na nagbibigay ng pagkain sa gutom: Pinawawalan ng PANGINOON ang mga bihag;
- 8 Idinidilat ng PANGINOON ang mga mata ng bulag; Ibinabangon ng PANGINOON ang mga uasusubasob; Iniibig ng PANGINOON ang banal;

- 9 Iningatan ng PANGINOON ang mga taga ibang lupa;  
Kaniyang inaalalayan ang ulila at babayeng bao;  
Ngunit ang lakad ng masama ay kaniyang ibinabaligtad.
- 10 Maghahari ang PANGINOON magpakailan man,  
Ang iyong Dios, Oh Zion, sa lahat ng lahi.  
Purihin ninyo ang PANGINOON.

- 147** Purihin ninyo ang PANGINOON;  
Sapagka't mabuting umawit ng mga pagpuri sa ating Dios;  
Sapagka't maligaya, at ang pagpuri ay nakalulugod.
- 2 Itinatayo ng PANGINOON ang Jerusalem;  
Kaniyang pinipisan ang mga natapon sa Israel.
- 3 Kaniyang pinagagaling ang mga may bagbag na puso,  
At tinatalian niya ang kanilang mga sugat.
- 4 Kaniyang sinasaysay ang bilang ng mga bituin;  
Siya ang nagbibigay sa kanila ng lahat nilang pangalan.
- 5 Dakila ang ating Dios, at makapangyarihan sa kapangyarihan;  
Ang kaniyang kaalaman ay walang hangan.
- 6 Inaalalayan ng PANGINOON ang maa-mong-loob:  
Kaniyang ibinababa ang masama sa lupa.
- 7 Umawit kayo sa PANGINOON ng pagpapasalamat;  
Umawit kayo sa alpa ng mga pagpuri sa ating Dios:
- 8 Na nagtatakip sa langit ng mga alapaap,  
Na siyang naghahanda ng ulan sa lupa,  
Na nagpapatubo ng damo sa mga bundok.
- 9 Siya'y nagbibigay sa hayop ng kaniyang pagkain,  
At sa mga inakay na owak na dumadag.
- 10 Siya'y hindi nalulugod sa lakas ng kabayo:  
Siya'y hindi nasasayahan sa mga hita ng tawo.
- 11 Ang PANGINOON ay naliligaya sa kanila na natatakot sa kaniya,  
Sa mga umaasa sa kaniyang kaawaan.

- 12 Purihin mo ang PANGINOON, Oh Jerusalem;  
Purihin mo ang iyong Dios, Oh Zion.
- 13 Sapagka't kaniyang pinatibay ang mga halang ng iyong mga pintuang-daan;  
Kaniyang pinagpala ang iyong mga anak sa loob mo.
- 14 Siya'y gumagawa ng kapayapaan sa iyong mga hanganan;  
Kaniyang binubusog ka ng pinakamainam na trigo.
- 15 Kaniyang sinusugo ang kaniyang utos sa lupa;  
Ang kaniyang salita ay tumatakbong maliksi.
- 16 Siya'y nagbibigay ng nieve na parang balahibo ng tupa;  
Siya'y nagkakatat ng eskarha na parang abo.
- 17 Kaniyang inihahagis ang kaniyang hielo na parang mga butil:  
Sinong makatatayo sa harap ng kaniyang lamig?
- 18 Kaniyang sinusugo ang kaniyang salita, at mga tinutunaw:  
Kaniyang pinahihip ang kaniyang hangin, at ang tubig ay pinaagos.
- 19 Kaniyang ipinakilala ang kaniyang salita sa Jakob,  
Ang kaniyang mga palatuntunan at mga kahatulan sa Israel.
- 20 Siya'y hindi gumawa ng gayon sa alin mang nasyon:  
At tungkol sa kaniyang mga kahatulan, hindi nila mga nakilala.  
Purihin ninyo ang PANGINOON.

- 148** Purihin ninyo ang PANGINOON.  
Purihin ninyo ang PANGINOON mula sa mga langit:
- Purihin ninyo siya sa mga kaitaan.
- 2 Purihin ninyo siya, lahat niyang mga angel:  
Purihin ninyo siya, boo niyang hukbo.
- 3 Purihin ninyo siya, araw at buan:  
Purihin ninyo siya, ninyong lahat na mga bituing maliwanag.
- 4 Purihin ninyo siya, ninyong mga langit ng mga langit,  
At ninyong mga tubig na nasa itaas ng mga langit.
- 5 Purihin nila ang pangalan ng PANGINOON:  
Sapagka't siya'y nag-utos, at mga nalikha.
- 6 Kaniya namang mga itinatag magpakailan man:

- Siya'y gumawa ng pasiya na hindi mapapawi.
- 7** Purihin ninyo ang PANGINOON mula sa lupa,  
Ninyong mga boaya, at lahat ng kalaliman:
- 8** Apoy at granizo, nieve at singaw na tubig;  
Dagyong hangin na tumutupad ng kaniyang salita:
- 9** Mga bundok at lahat ng burol;  
Mga mabunang kahoy at lahat ng cedro:
- 10** Mga hayop at boong kawan;  
Mga umuusad na bagay at ibong lumilipad:
- 11** Mga hari sa lupa at lahat ng bayan;  
Mga pangulo at lahat ng hukom sa lupa:
- 12** Mga binata at gayon din ang mga dalaga;  
Mga matanda at mga bata:
- 13** Purihin nila ang pangalan ng PANGINOON;  
Sapagka't ang kaniyang pangalang mag-isa ay nataas:  
Ang kaniyang kalualhatian ay nasa itaas ng lupa at langit.
- 14** At itinaas niya ang sungay ng kaniyang bayan,  
Ang pagpuri ng lahat niyang mga santo;  
Ng mga anak ng Israel, na bayang malapit sa kaniya.  
Purihin ninyo ang PANGINOON.
- 149** Purihin ninyo ang PANGINOON.  
Umawit kayo sa PANGINOON ng bagong awit,  
At ang kaniyang kapurihan sa kapisauan ng mga santo.
- 2** Magalak ang Israel sa kaniya na lumikha sa kaniya:  
Magalak ang mga anak ng Zion sa kanilang Hari.
- 3** Purihin nila ang kaniyang pangalan sa sayaw:  
Umawit sila ng mga pagpuri na may tambol at alpa, sa kaniya.

- 4** Sapagka't ang PANGINOON ay nalugod sa kaniyang bayan:  
Kaniyang pagagandahin ang maa mong-loob ng kaligtasan.
- 5** Mataas ang mga santo sa kalualhatian:  
Umawit sila sa kagalakan sa kanilang mga hihigan.
- 6** *Malagay* sa kanilang bibig ang pinakamataas na pagpuri sa Dios,  
At dalawang patalim na tabak sa kanilang kamay;
- 7** Upang gumawa ng panghihiganti sa mga nasyon,  
At mga parusa sa mga bayan;
- 8** Upang taliان ang kanilang mga hari ng mga tanikala,  
At ang kanilang mga mahal ng mga panaling bakal;
- 9** Upang gawin sa kanila ang hatol na nasusulat:  
Mairoon ng karaugalang ito ang lahat niyang mga santo.  
Purihin ninyo ang PANGINOON.

- 150** Purihin ninyo ang PANGINOON.  
Purihin ninyo ang Dios sa kaniyang santuario:  
Purihin ninyo siya sa langit ng kaniyang kapangyarihan.
- 2** Purihin ninyo siya dahil sa kaniyang mga makapangyarihang gawa:  
Purihin ninyo siya ayon sa kaniyang marilag na kalakhan.
- 3** Purihin ninyo siya ng tunog ng pakakak:  
Purihin ninyo siya ng salterio at alpa.
- 4** Purihin ninyo siya ng tambol at sayaw:  
Purihin ninyo siya ng mga instrumentong may cuerda at ng flauta.
- 5** Purihin ninyo siya sa mga matunog na cimbalo:  
Purihin ninyo siya sa pinakamatunog na mga cimbalo.
- 6** Purihin ng lahat na bagay na may tinga ang PANGINOON.  
Purihin ninyo ang PANGINOON.

# MGA KAWIKAAN.

- 1 Ang mga kawikaan ni Salomon na anak ni David na hari sa Israel:
- 2 Upang magpakilala ng karunungan at pagtuturo;  
Upang ipabulay ang mga salita ng kaalaman;
- 3 Upang magpatanggap ng pagtuturo sa matalinong paggawa,  
Sa kabanalan, at sa kahatulan, at sa katuiran;
- 4 Upang magbigay nang kabaitan sa walang muang,  
Sa binata ay kaalaman at pagbubulay:
- 5 Upang marinig ng pantas, at lumago sa pagkakilala:  
At upang abutin ng tawong maalam ang mga mabuting payo:
- 6 Upang magpakilala ng kawikaan at ng kabulugan;  
Ng mga salita ng pantas, at ng kani-  
lang mga malabong sabi.
- 7 Ang takot sa PANGINOON ay pasimula ng kaalaman:  
Ngunit ang mangmang ay nagwawa-  
lang kabuluhan sa karunungan at pagtuturo.
- 8 Anak ko, dingin mo ang turo ng iyong ama,  
At huag mong pabayaang ang kautusan ng iyong ina:
- 9 Sapagka't mga magiging ikid ng biyaya sa iyong ulo,  
At mga kuintas sa libot ng iyong leeg.
- 10 Anak ko, kung ikaw ay himukin ng mga makasalanang,  
Huag mong tulutan.
- 11 Kung kaniyang sabihing: Sumama ka sa amin,  
Tayo'y bumakay sa pagbububo ng dugo,  
Tayo'y magkubli ng silo na walang ano mang kadahilanan sa walang sala;
- 12 Mga lamunin nating buhay na gaya ng libingan,  
At buo, na gaya ng mga bumaba sa hukay;
- 13 Tayo'y makakasumpung ng lahat na mahalagang pag-aari,  
Ating pupunin ang ating mga bahay ng samsam;
- 14 Ilalagak mo ang iyong kapalaran sa kasamahan namin;  
Magkakaroon tayong lahat ng isang supot:
- 15 Anak ko huag kang lumakad sa daan na kasama nila;  
Pigilin mo ang iyong paa sa kanilang landas:
- 16 Sapagka't ang kanilang paa ay tumatakbo sa kasaman.  
At sila'y nagmamadali ng pagbububo ng dugo.
- 17 Sapagka't walang kabuluhang naladlad ang silo,  
Sa mga mata ng alin mang ibon:
- 18 At binabakayan ng mga ito ang kani-  
lang sariling dugo,  
Kanilang ipinagkukubli ng silo ang kanilang sariling mga buhay.
- 19 Ganiyan ang mga lakad ng lahat na sakim sa pagkakaroon;  
Na nag-aalis ng buhay ng mga may-ari noon.
- 20 Karunungan ay humihiyaw na malakas sa langganan;  
Kaniyang inilalakas ang kaniyang voces sa mga lual na lugar;
- 21 Siya'y humihiyaw sa mga maluang na langganan na pinagkakasalubungan;  
Sa pasukan ng mga pintuang-daan.  
Sa ciudad kaniyang inilalakas ang kaniyang mga salita:
- 22 Hangang kailan, kayong mga walang muang, iibig sa inyong kawalaan ng muang?  
At ang mga manunuya ay maliligaya sa pagtuya,  
At ang mga mangmang ay mapopoot sa kaalaman?
- 23 Magbalik kayo sa aking saway:  
Narito, aking ibubuhos ang aking espiritu sa inyo,  
Aking ipakikilala ang aking mga salita sa inyo.
- 24 Sapagka't ako'y tumawag at kayo'y tumangi:  
Aking iniinat ang aking kamay, at walang makinig;
- 25 Kungdi inyong inilagay sa wala ang

- boo kong payo, at hindi ninyo inibig ang aking saway:
- 26 Ako naman ay tatawa sa *kaarawan ng* inyong kasakunaan:  
Ako'y manunuya pagka ang inyong takot ay dumarating;
- 27 Pagka ang iyong takot ay dumarating na parang bagyo,  
At ang inyong kasakunaan ay dumarating na parang ipoi-po;
- Pagka ang kapanlawan at kadalambah-tian ay dumating sa inyo.
- 28 Kung magkagayo'y tatawag sila sa akin, nguni't hindi ako sasagot;  
Hahanapin nila akong mainam, nguni't hindi nila ako masusumpungan:
- 29 Sa paraang kanilang kinapeotan ang kaalaman,  
At hindi pinili ang takot sa PANGINOON.
- 30 Wala silang inibig sa aking payo;  
Kanilang niwalang kabuluhan ang boo kong pagsaway:
- 31 Kaya't sila'y kakain ng bunga ng kanilang sariling lakad,  
At mabubusog ng kanilang sariling mga daya.
- 32 Sapagka't lilipulin sila ng pagtalikod ng walang muang,  
At gigibain sila ng kaginhawahan ng mga mangmang.
- 33 Nguni't ang nakikinig sa akin ay tatahang tiwasay,  
At tatahimik na walang takot sa kasam-an.
- 2 Anak ko, kung iyong tatangapin ang aking mga salita,  
At ilalagay mo ang aking mga utos na kasama mo;
- 2 Na ano pa't iyong ikikiling ang iyong pakinig sa karunungan,  
At ihihilig mo ang iyong puso sa kaalaman;
- 3 Oo, kung ikaw ay dadaing na susunod sa pagbubulay,  
At itataas mo ang iyong voces sa kaalaman;
- 4 Kung iyong hahanapin siya na parang pilak,  
At hahanapin mo siyang parang kayamanang natatago;
- 5 Kung magkagayo'y iyong malalaman ang takot sa PANGINOON.  
At masusumpungan mo ang pagkakilala sa Dios.
- 6 Sapagka't ang PANGINOON ay nagbibigay ng karunungan;  
Sa kaniyang libig *magagaling* ang kaalaman at pagkakilala;
- 7 Kaniyang inilalagay ang matuid na karunungan para sa matuid,  
Siyay kalasag sa mga lumalakad sa pagtatapat;
- 8 Upang kaniyang mabantayan ang landas ng kahatulan,  
At maingat na ang daan ng kaniyang mga santo.
- 9 Kung gayo'y malalaman mo ang kabanalan at ang kahatulan,  
At ang katuiran, oo, lahat na mabuting landas.
- 10 Sapagka't karunungan ay papasok sa iyong puso,  
At kaalaman ay masasayahan sa iyong kaluluha;
- 11 Gunita ay maghabantay sa iyo,  
Pagkakilala ay mag-iingat sa iyo;
- 12 Upang iligtas ka sa daan ng kasam-an,  
Sa mga lalaki na nagsasalita ng mga labis na bagay;
- 13 Na nagpapabaya ng mga landas ng katuiran,  
Upang lumakad sa mga daan ng kadaliman;
- 14 Na nagagalak na gumawa ng kasam-an,  
At naaaliw sa mga bagsik ng kasam-an,
- 15 Na mga liko sa kanilang mga daan,  
At mga malihis sa kanilang mga landas;
- 16 Upang iligtas ka sa masamang babaye,  
Sa *babayeng* masama na matabil ng kaniyang mga salita;
- 17 Na nagpapabaya sa kaibigan ng kaniyang kabataan,  
At lumilimot ng tipan ng kaniyang Dios;
- 18 Sapagka't ang kaniyang babay ay kumikiling sa kamatayan,  
At ang kaniyang mga landas ay sa patay;
- 19 Walang baparoroon sa kaniya na bumabalik uli,  
O kanila mang tinatamo ang mga landas ng bubay;
- 20 Upang ikaw ay makalakad ng lakad ng mga mabuting tawo.  
At maingat na ang mga landas ng banal.
- 21 Sapagka't ang matuid ay tatahan sa lupain,  
At ang sakdal ay mamamalagi doon.

- 22 Nguni't ang masama ay mahihwalay sa lupain,  
At silang gumagawang may karayaan ay mabubunot.
- 3 Anak ko, huag mong kalimutan ang aking kautusan ;  
Kungdi ingatan ng iyong puso ang aking mga utos :
- 2 Sapagka't kahabaan ng mga araw, at mga taon ng buhay,  
At kapayapaan, madadagdag sa iyo.
- 3 Huag pabayaang ka ng kaawaan at katotohanan :  
Mga itali mo sa palibot ng iyong leeg ;  
Mga isulat mo sa dulang ng iyong puso :
- 4 Sa gayo'y makakasumpong ka ng biyaya at mabuting kaalaman.  
Sa paningin ng Dios at ng tawo.
- 5 Umasa ka sa PANGINOON ng boong puso mo,  
At huag kang sumandal sa iyong sariling kaalaman :
- 6 Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong lakad,  
At kaniyang ituturo ang iyong mga landas.
- 7 Huag kang pantas sa iyong sariling mga mata ;  
Matakot ka sa PANGINOON at humiwalay ka sa kasam-an :
- 8 Magiging kagalingan sa iyong kalamnan.  
At kaginhawahan sa iyong mga buto.
- 9 Parangalin mo ang PANGINOON ng iyong pag-aari,  
At ng mga unang bunga ng lahat mong ani ;
- 10 Sa gayo'y mapupuno ang iyong mga kamalig ng sagana,  
At ang iyong mga alilisan ay aapaw sa bagong alak.
- 11 Anak ko, huag mong walan ng kabuluhan ang parusa ng PANGINOON ;  
O mayamot man sa kaniyang saway :
- 12 Sapagka't sinasaway ng PANGINOON ang kaniyang inuibig :  
Parang ama sa anak na kaniyang kinaluluguran.
- 13 Maginhawa ang tawo na nakakasumpong ng karunungan,  
At ang tawo na nagtatamo ng kaalaman.
- 14 Sapagka't ang kalakal niya ay maigi kay sa kalakal na pilak,
- At ang pakinabang noon kay sa dalisay na ginto.
- 15 Mahalaga nga kay sa mga rubi :  
At wala sa mga bagay na mananasa mo na maipaparis dian.
- 16 Kababaan ng mga araw ay nasa kamay kamay niya,  
Sa kaniyang kaliwang kamay ay mga kayamanan at karangalan.
- 17 Ang kaniyang mga daan ay mga daan ng kaligayahan,  
At lahat niyang mga landas ay kapayapaan.
- 18 Siya'y puno ng kaboy ng buhay sa mga nanghahawak sa kaniya :  
At maginhawa ang lahat na namamalagi sa kaniya.
- 19 Nilikha ng PANGINOON ang lupa sa pamamag-itan ng karunungan ;  
Itinatag niya ang mga langit sa pamamag-itan ng kaalaman.
- 20 Sa pamamag-itan ng kaniyang pagkakilala ay nabahagi ang mga kalaliman,  
At ang mga alapaap ay pumapatak ng hamog.
- 21 Anak ko, huag mga hmihwalay sa iyong mga mata ;  
Ingatan mo ang matunog na karunungan at ang paggunita ;
- 22 Sa gayo'y magiging buhay sila sa iyong kalulua,  
At biyaya sa iyong leeg.
- 23 Kung magkagayo'y lalakad ka ng iyong lakad na tiwasay,  
At ang iyong paa ay hindi matitised.
- 24 Pagka ikaw ay nahihiga, hindi ka matatakot :  
O, ikaw ay mahihiga at ang iyong pagtulog ay magiging mahimbing.
- 25 Huag kang matakot, ng biglang pagkatakot,  
O sa pagkabual man ng masama; pagka dumarating :
- 26 Sapagka't ang PANGINOON ay magiging iyong pag-asa,  
At iingatan ang iyong paa sa pagkahuli.
- 27 Huag mong ikait ang mabuti sa kinaukulan,  
Pagka nasa kapangyarihan ng iyong kamay na gawin.
- 28 Huag mong sabihin sa iyong kapua :  
Ikaw ay yumaon, at magbalik uli,  
At bukas ay maghibigay ako ;  
Pagka ikaw ay mairoon.

- 29 Huag kang kumatha ng kasam-an laban sa iyong kapua,  
Sa paraang tumatabang tiwasay sa siping mo.
- 30 Huag kang makijag-usapin sa kanino man na walang kadahilaran,  
Kung hindi siya gumawa ng kasam-an sa iyo.
- 31 Huag kang managhili sa tawong marahas,  
At huag kang pumili ng ano man sa kaniyang mga lakad.
- 32 Sapagka't ang kasam-an ay kasoklam-suklam sa PANGINOON:  
Nguni't ang kaniyang libin ay kasama ng matuid.
- 33 Ang sumpa ng PANGINOON ay na a bahay ng masama;  
Nguni't pinagpapala niya ang tahanan ng banal.
- 34 Tunay na kaniyang inaapi ang mga mang-*api*,  
Nguni't binibigyan niya ng biyaya ang mabata.
- 35 Ang pantas ay magmamana ng kalualhatian;  
Nguni't kahihiyang ay magiging kagantihan ng mga mangmang.
- 4 Dingin ninyo, mga anak *ko*, ang turo ng ama,  
At makinig kayo upang matuto ng kaalaman:
- 2 Sapagka't binibigyan ko kayo ng mabuting aral;  
Huag ninyong bayaan ang aking kautusan.
- 3 Sapagka't ako'y anak sa aking ama,  
Sariwa at bugtong sa paningin ng aking ina.
- 4 At tinuruan niya ako, at nagsabi sa aking:  
Pagilan ng iyong puso ang aking mga salita;  
Ingatan mo ang aking mga utos, at mabuhay ka:
- 5 Magtamo ka ng karunungan, magtamo ka ng kaalaman;  
Huag mong kalimutan, o humiwalay man sa mga salita ng aking bibig:
- 6 Huag mo siyang pabayaan, at iingatan ka niya;  
Ibigin mo siya at iingatan ka niya.
- 7 Karunungan ay pinakamalnam na bagay; *kaya't* magtamo ka ng karunungan:
- At sa kasamahan ng lahat mong tinamo ay magtamo ka ng kaalaman.
- 8 Iyong purihin siya, at kaniyang itataas ka:  
Kaniyang ga-lalbin ka sa karangalan, pagka iyong niyakap siya.
- 9 Siya'y magbibigay sa iyong ulo ng koronang biyaya:  
Isang korona ng kagandahan ay kaniyang ibibigay sa iyo.
- 10 Dingin mo, Oh anak ko, at iyong tangapin ang aking mga sabi:  
At ang mga taon ng iyong buhay ay dadami.
- 11 Aking itinuro sa iyo ang daan ng karunungan;  
Aking pinatubuyan kita sa landas ng katuiran.
- 12 Pagka ikaw ay yumayaon, hindi kikitid ang iyong mga hakbang;  
At kung ikaw ay tumatakbo, hindi ka matitisod.
- 13 Hawakan mo ang turo; huag mong bitawan:  
Iyong ingatan: sapagka't siya'y iyong buhay.
- 14 Huag kang masok sa landas ng masama,  
At huag kang lumakad ng lakad ng mga masamang tawo.
- 15 Ilagan mo, huag mong daanin;  
Likoan mo, at magpatuloy ka.
- 16 Sapagka't hindi sila natutulong, malibang sila'y nakagawa ng kasam-an;  
At ang kanilang pagtulog ay napapawi, malibang sila'y nakapagpapawal.
- 17 Sapagka't sila'y kumakain ng tinapay ng kasam-an,  
At umiinom ng alak ng karahasan.
- 18 Nguni't ang landas ng banal ay gaya ng maliab na liwanag,  
Na lumiliwanag ng lumiwanag hangang sa sakdal na araw.
- 19 Ang lakad ng masama ay parang kadi-liman:  
Hindi nila nalalaman ang kanilang katituisuran.
- 20 Anak ko, makinig ka sa aking mga salita;  
Ikiling mo ang iyong pakinig sa aking mga salita.
- 21 Huag mong mga ihwalay sa iyong mga mata;  
Ingatan mo sa gitna ng iyong puso.



- 22 Sapagka't buhay sa mĀ nakakasumpung,  
At katabaan sa lahat ng kanilang lamān.
- 23 Inġatan mo ang iyong puso ng boong ingat;  
Sapagka't inaagusan ng buhay.
- 24 Ihiwalay mo sa iyo ang magdarayang bibig,  
At ang mĀ masamang labi ay ilayo mo sa iyo.
- 25 Tuminging matuid ang iyong mĀ mata,  
At ang iyong mĀ talukap-mata ay tuminging matuid sa harap mo.
- 26 Gunitain mo ang landas ng iyong mĀ paa,  
At matatag ang lahat ng iyong lakad.
- 27 Huag kang lumiko sa kanan o sa kaliwa man:  
Ihiwalay mo ang iyong paa sa kasaman.
- 5 Anak ko, pakingan mo ang aking karunungan;  
Ikiling mo ang iyong pakinig sa aking kaalaman:
- 2 Upang makapag-ingat ka ng gunita,  
At upang ang iyong mĀ labi ay makapag-ingat ng kaalaman.
- 3 Sapagka't ang mĀ labi ng babayang masama ay tumutulo ng pulot,  
At ang kaniyang bibig ay malambot kay sa langis:
- 4 Nguni't ang kaniyang huling wakas ay mapait kay sa ajenjo,  
Matalas na parang tabak na may dalawang talim.
- 5 Ang kaniyang mĀ paa ay bumababa sa kamatayan;  
Ang kaniyang mĀ hakbang ay humahawak sa libingan;
- 6 Na ano pa't hindi niya nasusumpungan ang kapatagan ng landas ng buhay;  
Ang kaniyang mĀ lakad ay hindi panatag, at hindi niya nalalaman.
- 7 Ngayon nga, mĀ anak ko, dingin ninyo ako,  
At huag kayong humiwalay sa mĀ salita ng aking bibig.
- 8 Ilayo mo ang iyong lakad sa kaniya,  
At huag kang lumapit sa pintuan ng kaniyang bahay:
- 9 Baka iyong ibigay ang iyong karangalan sa mĀ iba,  
At ang iyong mĀ taon sa mĀ mabagsik:
- 10 Baka ang mĀ taga-ibang lupa ay mapuno ng iyong kalakasan;  
At ang iyong mĀ gawa ay mapasa bahay ng taga-ibang lupa;
- 11 At ikaw ay manangis sa iyong huling wakas,  
Pagka ang iyong lamān at ang iyong katawan ay natunaw,
- 12 At iyong sabihing;  
;Bakit aking kinapootan ang turo,  
At niwalang kabuluhan ng aking puso ang saway;
- 13 At hindi ko man sinunod ang voces ng mĀ tagapagturo sa akin,  
O ikiniling ko man ang aking pakinig sa mĀ nagturo sa akin!
- 14 Ako'y nalapit sa lahat ng kasaman.  
Sa gitna ng kapulungan at ng kapisanan.
- 15 Uminom ka ng tubig sa iyong sariling balon,  
At sa mĀ umaagos na tubig sa iyong sariling balon.
- 16 ;Maanabog ang iyong mĀ bukal sa kaluungan,  
At mĀ ilog ng tubig sa mĀ langasangan?
- 17 MĀ maging iyong mag-isa,  
At huag sa mĀ taga-ibang lupa na kasama mo.
- 18 Pagpalain ang iyong bukal;  
At magalak ka sa asawa ng iyong kabataan.
- 19 Gaya ng maibiging usa at ng masayang usang babaye,  
Busugin ka ng kaniyang dibdib sa boong panahon;  
At laging lumakad na bulag sa kaniyang pag-ibig.
- 20 Sapagka't, ;bakit ka lalakad na bulag, anak ko, na kasama ng babayang masama,  
At yayakap sa sinapupunan ng masama?
- 21 Sapagka't ang mĀ lakad ng lalaki ay nasa harap ng mĀ mata ng PANGINOON,  
At kaniyang pinapatag ang lahat niyang mĀ landas.
- 22 Ang sariling mĀ kasaman ay kukuha sa masama,  
At siya'y matatalian ng mĀ panali ng kaniyang kasalanan.
- 23 Siya'y mamamatay sa kakulangan ng turo;  
At sa kalakhan ng kaniyang pagkaulol ay mawala siya.

- 6 Anak ko, kung ikaw ay naging mananagot sa iyong kapua,  
Kung iyong ikinamay ang iyong kamay sa taga-ibang lupa,
- 2 Ikaw ay nasilo ng mga salita ng iyong bibig,  
Ikaw ay nahuli ng mga salita ng iyong bibig.
- 3 Gawin mo ito ngayon, anak ko, at magpakaligtas ka,  
Yanang ikaw ay nahulog sa kamay ng iyong kapua;  
Ikaw ay yumaon, magpakababa ka, at humingi ka sa iyong kapua.
- 4 Huag mong bigyan ng tulog ang iyong mga mata,  
O magpaidlip man sa iyong mga talukap-mata.
- 5 Magpakaligtas ka na parang usa sa kamay ng *manganjuso*,  
At parang ibon sa kamay ng mamimitag.
- 6 Pumaroon ka sa langam, ikaw na tamad;  
Masdan mo ang kaniyang mga lakad at magpakapantas ka:
- 7 Na *baga man* walang puno,  
Tagapamahala, o puno,
- 8 Naghabanda ng kaniyang pagkain sa tag-init,  
At pinipisan ang kaniyang pagkain sa pag-aani.
- 9 ¿Hangang kailan matutulog ka, Oh tamad?  
¿Kailan ka babangon sa iyong pagkakatulog?
- 10 Kaonti pang pagkakatulog, kaonti pang pagkaidlip,  
Kaonti pang pagahalukip ng mga kamay upang matulog:
- 11 Sa gayo'y ang iyong karalitaan ay darating na parang magnanakaw,  
At ang iyong kasalatan na parang lalaking may sakhat.
- 12 Pinakamasamang lalaki, lalaki ng kasam-an:  
Siya'y lumalakad na may masamang bibig;
- 13 Siya'y kumikindat ng kaniyang mga mata, siya'y nagsasalita ng kaniyang mga paa,  
Siya'y suneseñas ng kaniyang mga daliri;
- 14 Pagdaraya ay nasa kaniyang puso, siya'y kumakatha ng kasam-an na lagi;  
Siya'y naghalasik ng pagtatalo.
- 15 Kaya't darating na bigla ang kaniyang kasakunaan;  
Sa kabiglaanan ay mababasag siya, at walang kagamutan.
- 16 Maireong anim na bagay na kinapopocan ang PANG(INOON);  
Oo, pito na mga kasuklamsukalm sa kaniya:
- 17 Mga palalong mata, sinungaling na dila,  
At mga kamay na nagbububo ng walang salang dugo;
- 18 Puso na kumakatha ng mga masamang akala,  
Mga paa na matulin sa pagtakbo sa kasam-an;
- 19 Sinungaling na saksi na humihinga ng kabulaanan,  
At ang naghalasik ng pagtatalo sa magkakapatid.
- 20 Anak ko, ingatan mo ang utos ng iynog ama,  
At huag mong kalimutan ang kautusan ng iyong ina:
- 21 Mga itali mong lagi sa iyong puso, Ikuintas mo sa iyong leeg.
- 22 Pagka ikaw ay lumalakad, papatnubay sa iyo;  
pagka ikaw ay natutulog, babantay sa iyo;  
At pagka ikaw ay gumigising, makikipag-usap sa iyo.
- 23 Sapagka't ang utos ay tanlaw; at ang kautusan ay liwanag;  
At ang mga saway na turo ay daan ng buhay:
- 24 Upang ingatan ka sa masamang babaye,  
Sa tabil ng dila ng taga-ibang lupa.
- 25 Huag mong imbutin ang kaniyang kagandahan sa iyong puso;  
At huag ka mang hulihin niya ng kaniyang mga talukap-mata.
- 26 Sapagka't dahil sa isang dalahira ay walang naiwan sa lalaki, kungdi isang pirasong tinapay;  
At hinuhuli ng manganagalunya ang mabalagang buhay.
- 27 ¿Makakukuba ba ng apoy ang tawo sa kaniyang sinapupunan,  
At hindi masusunog ang kaniyang mga suot?

- 28 O makalalakad ba ang sino man sa mga mainit na бага, At ang kaniyang mga paa ay hindi mapapaso?
- 29 Gayon ang sumisiping sa asawa ng kaniyang kapua; Sino mang humipo ay hindi maaaring walang parusa.
- 30 Hindi niwawalang kabuluhan ng mga tawo ang: magnanakaw kung siya'y naguanakaw  
Upang busugin ang kaniyang kalulua pagka siya'y gutom:
- 31 Kungli, kung siya'y masumpungan, siya'y magsasauli ng higit na pito; Kaniyang ibibigay ang lahat na lamán ng kaniyang bahay.
- 32 Siyang nagkakamit ng pangangalunya sa isang babaye ay walang bait: Ang gumagawa niyaon ay pumapatay sa kaniyang sariling kalulua.
- 33 Mga sugat at kasiraang puri ang tatamuhin niya; At ang kaniyang kapintasan ay hindi mapapawi.
- 34 Sapagka't ang paninibugho ay pag-iinit ng tawo; At hindi siya magpapatawad sa kaarawan ng pagganti.
- 35 Hindi niya pakikingan ang ano mang tubos; O magpapahinga nian siyang tua; бага man ikaw ay magbigay ng maraming kaloob.
- 7 Anak ko, ingatan mo ang aking mga salita, At impokin mo ang aking mga utos sa iyo.
- 2 Ingatan mo ang aking mga utos at mabuhay ka; At ang aking kautusan na parang salamin ng iyong mata.
- 3 Mga itali mo sa iyong mga daliri; Mga isulat mo sa tabla ng iyong puso.
- 4 Sabihin mo sa karunungan: Ikaw ay aking kapatid na babaye; At tawagin mong iyong pinsan ang kaalaman:
- 6 Upang kanilang maingatan ka sa babayeng masama; Sa babayeng masama na nagtatabil ng kaniyang mga salita.
- 6 Sapagka't sa dungawan ng aking bahay Tumuntingin ako sa aking silipan;
- 7 At ako'y tumingin sa mga karaniwan, Ako'y nagmasid sa mga kabataan, Sa binatang walang bait,
- 8 Na dumaraan sa langsgangan na malapit sa kaniyang sulok, At siya, yumaon sa daan na patungo sa kaniyang bahay;
- 9 Sa pagtatakip silim, sa kinagabihan ng araw, Sa kaitiman ng gabi, sa kadiliman.
- 10 At, narito, doo'y nakasalubong siya ng isang babaye Na nakagayak: dalahira, at matalino sa puso.
- 11 Siya'y maingay at maselang; Ang kaniyang mga paa ay hindi tumatahan sa kaniyang babay:
- 12 Ngayo'y nasa mga langsgangan siya, ngayo'y nasa mga lual na lugar siya, At nag-aabang sa lahat ng sulok.
- 13 Sa gayo'y hinahawakan siya niya at hinahagkan siya niya, At may mukhang nakapangdidiri na nagsasabi siya sa kaniyang:
- 14 Mga hayin na mga handog tungkol sa kapayapaan ay sa akin; Sa araw na ito ay aking tinupad ang aking mga panata.
- 15 Kaya't lumabas ako upang salubungin ka, Hinanap kong mainam ang iyong mukha, at aking nasumpungan kita.
- 16 Aking inilatag ang aking hihihan na may mga colchong may burda, Na yari sa kayo sa Egipto.
- 17 Aking pinabanguban ang aking lihihan Ng mirra, aloe, at kanela.
- 18 Parito ka, tayo'y magpakabusog sa pagsisintahan hangang sa kinaumagahan; Magpakasaya tayo sa mga pagsisintahan.
- 19 Sapagka't ang asawa ko ay wala sa bahay, Siya'y naglakbay sa malayo:
- 20 Siya'y nagdala ng supot ng salapi; Siya'y uuwi sa bahay sa kabilugan ng buan.
- 21 Kaniyang pinasusuko siya ng karamihan ng kaniyang mga matamis na salita, Hinihila siya ng katabilan ng kaniyang mga labi.
- 22 Pagdaka ay sumusunod siya, Gaya ng toro na naparoroon sa patayan,

- O gaya ng mga may tanikala sa sawayan sa mangwang;
- 23 Hangan sa lagpasan ng isang pana ang kaniyang atay;  
Gaya ng ibong nagmamadali sa bitag, At hindi nakakaalam na sa kaniyang buhay.
- 24 Ngayon nga, mga anak ko, dingin ninyo ako,  
At makinig kayo ng mga salita ng aking bibig.
- 25 Huag humilig ang iyong puso sa kaniyang mga lakad,  
Huag kang lumiko sa kaniyang mga landas.
- 26 Sapagka't kaniyang inihiga ang mara-ming may sugat:  
Oo, lahat niyang pinatay ay isang makapangyarihang hukbo.
- 27 Ang kaniyang bahay ay daang patungo sa libingan,  
Pababa sa mga silid ng kamatayan.
- 8 Hindi ba dumadaing ang karunungan,  
At inilalabas ng kaalaman ang kaniyang voces?
- 2 Sa taluktok ng mga mataas na lugar sa tabi ng daan,  
Sa mga salubungang-landas, siya'y tumatayo;
- 3 Sa tabi ng mga pintuang-daan sa pasukan sa ciudad,  
Sa pasukan sa mga pintuan siya'y humihiyaw ng malakas;
- 4 Sa inyo, Oh mga lalaki, ako'y tumatawag;  
At ang aking voces ay sa mga anak ng mga tawo.
- 5 Oh kayong walang muang, kumilala ng kabaitan;  
At kayong mga mangmang, magpakaalam na puso kayo.
- 6 Kayo'y makinig sapagka't magsasalita ako ng mga marilag na bagay;  
At ang bukas ng aking mga labi ay magiging mga matuid na bagay.
- 7 Sapagka't ang aking bibig ay magbitaw ng katotohanan;  
At kasam-an ay kasuktamsuklam sa aking mga labi.
- 8 Lahat ng salita ng aking bibig ay sa kabanalan;  
Walang bagay na liko o masama sa kanila.
- 9 Mga patag na lahat sa kaniya na nakakaalam,
- At matuid sa kanila na nakakasumpung ng pagkakilala.
- 10 Tangapin mo ang aking turo at huag pilak;  
At ang kaalaman na maigi, kay sa dalisay na ginto.
- 11 Sapagka't ang karunungan ay maigi, kay sa mga rubi;  
At lahat ng bagay na mananasa ay hindi maitutulad sa kaniya.
- 12 Akong karunungan ay tumatahan sa kabaitan,  
At aking nasusumpungan ang kaalaman at paggunita.
- 13 Ang takot sa PANGINOON ay mapoot sa kasam-an:  
Kapalaluan, at kahambugan at masamang lakad,  
At ang magdarayang bibig ay aking kinapopootan.
- 14 Payo ay akin at mabuting kaalaman:  
Ako'y kaalaman; ako'y may kapangyarihan.
- 15 Sa pamamag-itan ko ay naghahari ang mga hari,  
At nagpapasiya ng hatol ang mga pangulo.
- 16 Sa pamamag-itan ko ay nagpupuno ang mga puno,  
At ang mga maginoo, lahat ng hukom sa lupa.  
Aking iniibig sila na umiibig sa akin;
- 17 At yaong mga humahanap sa aking mainam ay masusumpungan ako.
- 18 Mga kayamanan at karangalan ay nasa akin;  
Oo, pamaging mga kayamanan at kabanalan.
- 19 Ang bunga ko ay maigi kay sa ginto, oo, kay sa dalisay na ginto;  
At ang pakinabang sa akin, kay sa piling pilak.
- 20 Ako'y lumalakad sa daan ng kabanalan,  
Sa gitna ng mga landas ng kahatulan;
- 21 Upang aking papagmanahin ng pag-aari yaong mga umiibig sa akin,  
At upang aking mapuno ang kanilang mga kayamanan.
- 22 Inari ako ng PANGINOON sa pasimula ng kaniyang lakad,  
Bago pinasimulan ang kaniyang mga gawa ng una.
- 23 Ako'y nalagay mula ng walang hangan, mula ng pasimula,  
O bago nalikha ang lupa.

- 24 Ako'y inilabas ng wala pang mga kalaliman;  
Ng wala pang mga bukal na sagana ng tubig.
- 25 Bago ang mga bundok ay nalagay,  
Bago ang mga burol ay aking nailabas:
- 26 Samantalang hindi pa niya nililikha ang lupa, o ang mga parang man,  
O ang pasimula ng alabok ng sanlibutan man.
- 27 Ng kaniyang itatatag ang mga langit,  
nandoon ako:  
Ng siya'y maglagay ng bilog sa balat ng kalaliman:
- 28 Ng kaniyang patatagin ang mga alapaap sa itaas:  
Ng ang mga bukal ng kalaliman ay maging matibay:
- 29 Ng ibigay niya sa dagat ang kaniyang pasiya,  
Upang huag salangangin ng mga tubig ang kaniyang utos:  
Ng kaniyang iayos ang mga cimientó ng lupa:
- 30 Nasa siping nga niya ako, *na parang tagapamahala sa mangagawa:*  
At ako ang *kaniyang* kaaliwan sa araw-araw,  
Na nagagalak na lagi sa harap niya;
- 31 Na nagagalak sa kaniyang tinatahanang lupa;  
At ang aking kaaliwan ay sa mga anak ng mga tawo.
- 32 Ngayon nga, mga anak *ko*, dingin ninyo ako:  
Sapagka't mapalad ang mga nag-iingat ng aking mga daan.
- 33 Makinig kayo ng turo at kayo'y magpakapantas,  
At huag ninyong tangihan.
- 34 Mapalad ang tawo na nakikinig sa akin,  
Na nagbantay araw-araw sa aking mga pintuang-daan,  
Na naghihintay sa mga tuhod ng aking mga pintuan.
- 35 Sapagka't sino mang nakakasumpóng sa akin, ay nakakasumpóng ng buhay,  
At magtatamo ng biyaya ng PANGINOON.
- 36 Ngunit siyang nagkakasala laban sa akin ay nagliligaw ng kaniyang sariling kaluluha:  
Silang lahat na napopoot sa akin ay umiibig ng kamatayan.
- 9 Itinayo ng karunungan ang kaniyang bahay,  
Kaniyang hinichurahan ang kaniyang pitong haligi:
- 2 Pinatay niya ang kaniyang mga hayop; hinaluan niya ang kaniyang alak;  
Kaniya namang ginayakan ang kaniyang dulang.
- 3 Kaniya namang sinugo ang kaniyang mga alilang babaye, siya'y humihiyaw  
Sa mga pinakamataas na lugar sa ciudad,
- 4 Kung sino man ang walang muang, pumasok dito.  
Tungkol sa kaniya na mapurok sa kaalaman, sinasabi niya sa kaniya;
- 5 Kayo'y parito, kumain kayo ng aking tinapay,  
At uminom kayo ng alak na aking hinaluan.
- 6 Iwan ninyo, ninyong mga tapatnaloob, at kayo'y wabuhay;  
At kayo'y lumakad sa daan ng kaalaman.
- 7 Siyang sumasaway sa mang-aapi ay may dalang kahihyan sa kaniyang sarili:  
At siyang sumasaway sa masama ay may dungis sa kaniyang sarili.
- 8 Huag mong sawayin ang mang-aapi, baka siya'y mapoot sa iyo:  
Sawayin mo ang pantas, at kaniyang iibigin ka.
- 9 Turuan mo ang pantas, at siya'y magiging lalong pantas pa:  
Iyong turuan ang banal, at siya'y lalago sa pagkaturo.
- 10 Ang takot sa PANGINOON ay pasimula ng karunungan:  
At ang pagkakilala ng Santo ay kaalaman.
- 11 Sapagka't sa pamamagitan ko ay dadami ang iyong mga araw,  
At ang mga taon ng iyong buhay ay hahaba.
- 12 Kung ikaw ay pantas, ikaw ay pantas sa ganang iyong sarili.  
At kung ikaw ay nang-aapi, ikaw na mag-isa ang magdadala.
- 13 Ang hangal na babaye ay madaldal;  
Siya'y walang muang, at walang nalalaman.
- 14 At siya'y nauupo sa pintuan ng kaniyang bahay,

- Sa isang upuan sa mga mataas na lugar sa ciudad,
- 15 Upang tawagin ang mga nagdadaan. Na yumayaong matuid ng kaniyang mga lakad,
- 16 Sino mang walang muang ay pumasok dito:  
At tungkol sa kaniya na mapurol sa kaalaman, sinasabi niya sa kaniyang:
- 17 Ang mga nakaw na tubig ay matamis, At ang tinapay na kinakain sa libim ay masarap.
- 18 Nguni't hindi niya nalalaman na ang patay ay nandoon;  
Na ang mga inanyayahan niya ay nasa mga kalaliman ng libingan.
- 10 Mga Kawikaan ni Salomon.  
Ang pantas na anak ay nagpapasaya sa ama:  
Nguni't ang mangmang na anak ay pasan ng kaniyang ina.
- 2 Mga kayamanan ng kasam-an ay walang pakinabang:  
Nguni't ang kabanalan ay nagliligtas sa kamatayan.
- 3 Hindi titiisin ng PANGINOON na magutom ang kaluluwa ng banal:  
Nguni't kaniyang tinatangihan ang nasa ng masama.
- 4 Siya'y nagiging dukha na gumagawa ng kamay na walang kasipagan:  
Nguni't yumayaman ang kamay ng masipag.
- 5 Siyang nagtitipon sa tag-init ay pantas na anak:  
Nguni't siyang natutulog sa pag-aani ay anak na nakahihiya.
- 6 Mga pagpapala ay nasa ulo ng banal:  
Nguni't tinatakpan ng karahasan ang bibig ng masama.
- 7 Ang alaala sa banal ay pinagpapala:  
Nguni't ang pangalan ng masama ay mabubulok.
- 8 Ang pantas sa puso ay tatanggap ng mga utos:  
Nguni't ang nagpapakamangmang ay mabubual.
- 9 Siyang lumalakad ng matuid ay lumalakad na tiwasay:  
Nguni't siyang nagliliko ng kaniyang mga lakad ay makikilala.
- 10 Siyang kumikindat ng mata ay nagpapapanlaw:  
Nguni't ang nagpapakamanang ay mabubual.
- 11 Ang bibig ng banal ay bakal ng kabulhayan:  
Nguni't tinatakpan ng karahasan ang bibig ng masama.
- 12 Ang kapootan ay humihila ng mga pag-aaway:  
Nguni't tinatakpan ng pag-ibig ang lahat na pagsalangsang.
- 13 Nasusumpungan sa mga labi ng matalino ang karunungan:  
Nguni't ang pamalo ay sa likod ng walang kaalaman.
- 14 Ang mga pantas ay nag-iimbak ng kaalaman:  
Nguni't ang bibig ng mangmang ay kagibaang hinaharap.
- 15 Ang kayamanan ng mayaman ay ang kaniyang matitay na ciudad:  
Ang kagibaan ng dukha ay kanilang karalitaan.
- 16 Ang gawa ng banal ay patungo sa buhay;  
Ang bunga ng dukha ay sa pagkaka-sala.
- 17 Nasa daan ng buhay siyang nakikinig ng kasawayan:  
Nguni't siyang nagpapabaya ng saway ay nagkakamali.
- 18 Siyang nagkukubli ng mga kapootan ay sa mga magdarayang labi;  
At siyang nagpapatang ay mangmang.
- 19 Sa karamihan ng mga salita ay hindi nagkukulang ng pagsalangsang:  
Nguni't siyang nagpipigil ng kaniyang mga labi ay gumagawang may kapan-tasan.
- 20 Ang dila ng banal ay parang piling pilak:  
Ang puso ng masama ay kaunti ang halaga.
- 21 Ang mga labi ng banal ay nagpapakain ng marani:  
Nguni't ang mangmang ay namamatay sa kakulangan ng kaalaman.
- 22 Ang pagpapala ng PANGINOON, nagpapayaman,  
At hindi niya idinadagdag ang kapanlawan.
- 23 Isang paglilibang sa mangmang ang paggawa ng kasam-an:  
At gayon ang karunungan sa tawong maalam.
- 24 Ang takot ng masama ay darating sa kaniya:  
At ang nasa ng banal ay ipagkakaloob.

- 25 Pagka ang ipoipo ay dumaan wala na ang masama:  
Nguni't ang banal ay walang hangang cimiento.
- 26 Parang suka sa mga ngipin, at parang usok sa mga mata,  
Gayon ang tamad sa mga nagsusugo sa kaniya.
- 27 Ang takot sa PANGINOON ay nagpapahaba ng mga araw:  
Nguni't ang mga taon ng masama ay likli.
- 28 Ang pag-asa ng banal ay magiging kasayahan:  
Nguni't ang hintay ng masama ay mawawala.
- 29 Ang daan ng PANGINOON ay katibayan sa matuid;  
Nguni't kagibaan sa mga mangagawa ng kasam-an.
- 30 Ang banal ay hindi mababago kailan man:  
Nguni't ang masama ay hindi tahanan sa lupain.
- 31 Ang bibig ng banal ay nagbibitaw ng karunungan:  
Nguni't ang magdarayang dila ay ihihiwalay.
- 32 Nalalaman ng mga labi ng banal ang nakalulugod:  
Nguni't ang bibig ng masama ay nagsasalita ng karayaan.
- 11 Ang marayang timbangan ay kasuklamsuklam sa PANGINOON:  
Nguni't ang tapat na takalan ay kaniyang kaaliwan.
- 2 Pagka dumarating ang kapalaluan ay dumarating nga ang kahihayan:  
Nguni't nasa mababa ang karunungan.
- 3 Ang pagtatapat ng mga matuid ay papatnubay sa kanila:  
Nguni't ang mga karayaan ng mga magdaraya ay papatay sa kanila.
- 4 Ang mga kayamanan ay walang kabuluhan sa kaarawan ng pag-iinit:  
Nguni't ang kabanalan ay nagliligtas sa kamatayan.
- 5 Ang kabanalan ng eakdal ay magtuturo ng kaniyang lakad:  
Nguni't mabubual ang masama dahil sa kaniyang sariling kasam-an.
- 6 Ang kabanalan ng mga matuid ay magliligtas sa kanila:  
Nguni't silang gumagawang may karayaan ay dadalhin sa kanilang sariling kapanlawan.
- 7 Pagka ang masama ay namamatay, ang kaniyang hintay ay nawawala:  
At ang pag-asa ng masama ay nawawala.
- 8 Ang banal ay naliligtas sa kabagabagan,  
At ang masama ay dumarating na kahalili niya.
- 9 Pinapatay ng masama ng kaniyang bibig ang kaniyang kapua:  
Nguni't sa kaalaman ay naliligtas ang banal.
- 10 Pagka yumayaong mabuti sa banal, ang ciudad ay nagagalak:  
At pagka ang masama ay namamatay, may sutsutan.
- 11 Nataas ang ciudad sa pamamag-itan ng basbas ng matuid:  
Nguni't nagigiba sa pamamag-itan ng bibig ng masama.
- 12 Siyang muwawalang kabuluhan sa kaniyang kapua ay walang karunungan:  
Nguni't ang tawong maalam ay tunatahimik.
- 13 Siyang yumayaong mapaghatid duma-pit ay naghahayag ng mga lihim:  
Nguni't ang may espiritung tapat ay nagtatakip ng bagay.
- 14 Kung saan walang pantas na pamamahala, ang bayan ay nahuhulog:  
Nguni't sa karamihan ng mga tagapayo ay may kaligtasan.
- 15 Siyang napagot sa taga-ibang lupa, magpapasan ng kasam-an:  
Nguni't siyang napopoot sa panagot ay tiwasay.
- 16 Ang mabiyayang babaye ay nag-iimpok ng karangalan:  
At ang marahas na lalaki ay nagmimithi ng kayamanan.
- 17 Ang maawain tawo ay gumagawa ng mabuti sa kaniyang sariling kaluluha:  
Nguni't ang taksil ay bumabagabag sa kaniyang sariling laman.
- 18 Ang masama ay nakikinabang ng mga marayang kita:  
Nguni't ang naghahasik ng kabanalan ay nagtatamo ng tunay na kagantihan.
- 19 Siyang matatag sa kabanalan ay magtatamo ng buhay:  
At siyang humahabol ng kasam-an ay sa kaniyang sariling kamatayan.
- 20 Silang masama sa puso ay kasuklamsuklam sa PANGINOON:  
Nguni't ang gayong sakdal sa kanilang lakad ay kaniyang kaaliwan,

- 21** *Baga man magkakakabit* ang kamay, ang masamang tawo ay walang pag-salang parurusahan:  
Nguni't ang binhi ng banal ay mali-ligtas.
- 22** *Kung paano* ang hiyas na ginto sa nguso ng baboy,  
*Gayon* ang magandang babaye na walang bait.
- 23** Ang nasa ng banal ay buti lamang:  
*Nguni't* ang hintay ng masama ay pag-iinit.
- 24** May nagsasabog, at tumutubo pa,  
At may humahawak naman ng higit kay sa karampatan, nguni't *umuwi* lamang sa pangangailangan.
- 25** Ang kaluluang mapagbigay ay tataba:  
At siyang dumidilig ay madidilig din.
- 26** Siyang humahawak ng trigo ay sumpain siya ng bayan:  
Nguni't basbas ay mapapasaulo niya na nagbibili noon.
- 27** Siyang humahanap na mainam ng mabuti ay humahanap ng biyaya:  
Nguni't siyang sumisiyasat na sumusunod sa kapanlawan, darating sa kaniya.
- 28** Siyang umaasa sa kaniyang mga kayamanan ay mabubual:  
Nguni't ang banal ay mamumulaklak na parang sariwang dahon.
- 29** Siyang bumabagabag ng kaniyang sariling bahay ay magmamana ng hangin:  
At ang mangmang ay magiging alipin ng pantas sa puso.
- 30** Ang bunga ng banal ay punong kahoy ng buhay;  
At siyang pantas ay humihikayat ng mga kaluluha.
- 31** Narito, ang banal ay gagantihin sa lupa:  
;Gaano pa nga kaya ang masama at makasalanan!
- 12** Sino mang umiibig ng kasawayan ay umiibig ng kaalaman:  
Nguni't siyang napopoot sa kasawayan ay hangal,
- 2** Ang mabuting tawo ay magtatamo ng biyaya ng *PANGINOON*:  
Nguni't kaniyang parurusahan ang tawong magdaraya.
- 3** Ang tawo ay hindi matatag sa pamamagitan ng kasam-an:  
Nguni't ang ugat ng banal ay hindi mababago kailan man.
- 4** Ang tapat na babaye ay korona sa kaniyang asawa:  
Nguni't siyang nakahiliya ay parang bukbok sa kaniyang mga buto.
- 5** Ang mga pag-iisip ng banal ay matuid:  
*Nguni't* ang mga payo ng masama ay magdaraya.
- 6** Ang mga salita ng masama ay mga bakay para sa dugo:  
Nguni't mga ililigtas ng bibig ng matuid.
- 7** Ang masama ay ipinipihit at nawawala:  
Nguni't ang bahay ng banal ay tatatag.
- 8** Pupurihin ang tawo ayon sa kaniyang karunungan:  
Nguni't ang masama sa puso ay wawalan ng kabuluhan.
- 9** Maigi siyang pinahalagahang kaonti, at may alipin,  
Kay sa nagmamapuri, at kinukulang ng tinapay.
- 10** Ang banal ay tumitingin sa bulay ng kaniyang hayop:  
Nguni't ang mga kaawaan ng masama ay taksil.
- 11** Siyang bumubukid ng kaniyang lupain ay magkakaroon ng saganang tinapay:  
Nguni't siyang sumusunod sa walang kabuluhan ay walang kaalaman.
- 12** Ninanasa ng masama ang huli ng mga masamang tawo:  
Nguni't ang ugat ng banal ay nagbubunga.
- 13** Nasa pagsalangsang ng mga labi ang silo sa mga masamang tawo:  
Nguni't ang banal ay lalabas sa kabagabagan.
- 14** Ang tawo ay mabusog ng mabuti sa pamamagitan ng bunga ng kaniyang bibig;  
At ang mga gawa ng mga kamay ng tawo ay mabibigay sa kaniya.
- 15** Ang daan ng mangmang ay matuid sa kaniyang sariling mga mata:  
Nguni't siyang pantas ay nakikinig sa payo.
- 16** Ang galit ng mangmang ay agad nakikilala:  
Nguni't ang mabait na tawo ay muwawalang bahala sa kahibyan.
- 17** Ang nagsasalita ng katotohanan ay nagpapakilala ng kabanalan,



- Nguni't ang sinungaling na saksi ay nagdadaya.
- 18 May nagsasalitang parang salimaan ng tabak:  
Nguni't ang dila ng pantas ay kagin-hawahan.
- 19 Ang labi ng katotohanan ay matatatag kailan man:  
Nguni't ang magdaravang dila ay sa sandali lamang.
- 20 Pagdaraya ay nasa puso ng mga kumakatha ng kasam-an:  
Nguni't sa mga tagapayo ng kapayapaan ay kagalakan.
- 21 Walang mangyayaring kapanlawan sa banal:  
Nguni't ang masama ay mapupuno ng kasam-an.
- 22 Mga magdarayang labi ay kasuklam-suklam sa PANGINOON:  
Nguni't ang mga gumagawang may katotohanan ay kaniyang kaaliwan.
- 23 Ang tawong mabait ay nagkukubli ng kaalaman.  
Nguni't ang puso ng mga mangmang ay nagtatanyag ng kamangmangan.
- 24 Ang kamay ng masipag ay magpupuno:  
Nguni't ang tamad ay malalagay sa pag-atag.
- 25 Ang kabigatan sa puso ng tawo ay nagpapayukod;  
Nguni't ang mabuting salita ay nagpapasaya.
- 26 Ang banal ay patnubay sa kaniyang kapua:  
Nguni't ang lakad ng masama ay nakapagpapaligaw.
- 27 Ang tamad ay hindi nag-iihaw ng kahi't kaniyang napapangasuhan:  
Nguni't ang mahalagang pag-aari ng tawo ay ang kasipagan.
- 28 Nasa daan ng kabanalan ang buhay;  
At sa kaniyang landas ay walang kamatayan.
- 13 *Dinidinig* ng pantas na anak ang turo ng kaniyang ama:  
Nguni't hindi dinidinig ng manunuya ang saway.
- 2 Ang tawo ay kakain ng mabuti ayon sa bunga ng kaniyang bibig:  
Nguni't ang kalulua ng magdaraya ay kakain ng karahasan.
- 3 Siyang nag-iingat ng kaniyang bibig, nag-iingat ng kaniyang buhay:
- Nguni't siyang nagbubukang maluang ng kaniyang mga labi ay magkakaroon ng kapahamakan.
- 4 Ang kalulua ng tamad ay nagnanasa at walang ano man:  
Nguni't ang kalulua ng masipag ay tataba.
- 5 Ang banal ay napopoot sa pagsisiningaling:  
Nguni't ang masama ay kinapopootan at napapahiya.
- 6 Bumabantay ang kabanalan sa matuid sa lakad;  
Nguni't iginigiba ng kasam-an ang makasalanan.
- 7 May nagpapakayaman, gayon may walang ano man:  
May nagpapakadukha, gayon may malaking kayamanan.
- 8 Ang katubusan sa buhay ng tawo ay siyang kaniyang mga kayamanan:  
Nguni't ang dukha ay hindi nakikinig sa banta.
- 9 Ang liwanag ng banal ay nagagalak:  
Nguni't ang ilawan ng masama ay papatayin.
- 10 Sa kapalaluan, ang dumadating ay pagtatalo lamang:  
Nguni't ang karunungan ay nasa mga napagpaunahan.
- 11 Ang kayamanang tinankilik sa walang kabuluhan ay huhupa:  
Nguni't siyang nagpipisan sa paggawa ay mararagdagan.
- 12 Ang pag-asa na matagal ay nagpapasakit sa puso:  
Nguni't pagka ang nasa ay dumarating ay punong kahoy ng buhay.
- 13 Sino mang muwawalang kabuluhan sa salita ay nagdadala ng kapahamakan sa sarili:  
Nguni't siyang natatakot sa utos ay gagantihin.
- 14 Ang kautusan ng pantas ay bukal ng buhay,  
Upang lumayo sa mga silo ng kamatayan.
- 15 Mabuting kaalaman ay nagbibigay ng ikabubuti:  
Nguni't ang lakad ng magdaraya ay matigas.
- 16 Lahat ng mabait ay gumagawang may kaalaman:  
Nguni't ang mangmang ay nagkakatag ng kamangmangan.

- 17 Ang masamang sugo ay nahuhulog sa kasam-an:  
Nguni't ang tapat na sugo ay kagin-hawahan.
- 18 Karalitaan at kalihuyan ang *tatumuhia* ng nagtatakuil ng saway:  
Nguni't siyang nakikinig ng saway ay magkakapuri.
- 19 Ang nasa, na natupad ay matamis sa kalulua:  
Nguni't kasuklamsuklam sa mga mang-mang na humiwalay sa kasam-an.
- 20 Lumakad ka na kasama ng mga pantas na tawo, at ikaw ay magiging pantas:  
Nguni't ang kasama ng mga mang-mang ay magpapasan ng *kasam-an*.
- 21 Ang kasam-an ay humahabol sa mga makasalanang:  
Nguni't ang banal ay gagantihan ng mabuti.
- 22 Ang mabuti ay nag-iiwan ng mana sa mga anak ng kaniyang mga anak;  
At ang kayamanan ng makasalanang ay nalalagay para sa banal.
- 23 Maraming pagkain ang *nasa* bukid ng dukha.  
Nguni't may *mayamang* namamatay dahil sa kalikuan.
- 24 Siyang nag-uurong ng kaniyang pamalo ay napopoot sa kaniyang anak:  
Nguni't siyang umiibig ay nagpaparusa ng mainam.
- 25 Ang banal ay kumakain hangang sa kabusugan ng kaniyang kalulua:  
Nguni't ang tiyan ng masama ay magkakailangan.
- 14 Lahat ng pantas na babaye ay nagtatayo ng kaniyang bahay:  
Nguni't binubunot ng mangmang, ng kaniyang sariling mga kamay.
- 2 Siyang lumalakad sa kaniyang katuiran ay natatakot sa *PANORNOON*:  
Nguni't siyang mali sa kaniyang mga lakad ay muwawalang kabuluhan sa kaniya.
- 3 Sa bibig ng mangmang ay may tungkod sa kapalaluan:  
Nguni't ang mga labi ng pantas ay mag-iingat sa kanila.
- 4 Kung saan walang baka, ang bangan ay malinis:  
Nguni't ang karamihan ng bunga ay nasa kalakasan ng baka.
- 5 Ang tapat na saksi ay hindi mag-bubulaan:
- Nguni't ang sinungaling na saksi ay nagsasalita ng mga kasinungalingan.
- 6 Ang manunuya ay humahanap ng karunungan, at hindi *nakakasampung*:  
Nguni't kaalaman ay madali sa kaniya, na mataalino.
- 7 Paroon ka sa harap ng mangmang,  
At hindi *mo* mamamalas ang mga labi ng kaalaman.
- 8 Ang karunungan ng mabait ay ma-kaalam ng kaniyang daan:  
Nguni't ang kamangmangan ng mga mangmang ay karayaan.
- 9 Ang mangmang ay tumutuya sa sala:  
Nguni't sa matuid ay may *biyaya* ng Dios.
- 10 Nakikilala ng puso ang kaniyang sariling kapaitan;  
At ang taga-ibang lupa ay hindi nakikialam ng kaniyang kagalakan.
- 11 Ang bahay ng masama ay masisira:  
Nguni't ang dampa ng matuid ay giginhawa.
- 12 May daan na tila matuid sa tawo,  
Nguni't ang wakas noon ay mga daan ng kamatayan.
- 13 Sa pagtawa man ang puso ay nagiging mapanlaw;  
At ang wakas ng kasayahan ay kabigatan ng loob.
- 14 Ang tumatalikod sa puso ay mabubusog ng kaniyang sariling mga lakad:  
At *kububusugan* ang lalaking mabuti.
- 15 Pinaniniwalaan ng walang muang ang lahat ng salita:  
Nguni't tumitinging mabuti ang mabait sa kaniyang paglakad.
- 16 Ang pantas ay natatakot at humi-hiwalay sa kasam-an:  
Nguni't ang mangmang ay nagpapakilalang palalo, at tiwala.
- 17 Siyang nagagalit na madali ay gagawang may kamangmangan:  
At ang tawong masama ay kapopootan.
- 18 Ang walang muang ay nagmamana ng kamangmangan:  
Nguni't ang mabait ay makokoronahan ng kaalaman.
- 19 Ang masama ay yumuyuko sa harap ng mabuti;  
At ang masama sa mga pintuang-daan ng banal.
- 20 Kinakopootan pati ng kaniyang kapua, ang dukha:

- Nguni't ang mayaman ay maraming kaibigan.
- 21 Siyang muwawalang kabuluhan sa kaniyang kapua ay nagkakasala: Nguni't siyang naaawa sa dukha ay maginhawa siya.
- 22 Hindi ba sila nagkakamali na kumakatha ng kasam-an? Nguni't kaawaan at katotol-anan ay sasa kanila na kumakatha ng mabuti.
- 23 Sa lahat ng gagawin ay may pakinabang: Nguni't ang tabil ng mga labi ay nagdadala sa karalitaan.
- 24 Ang korona ng mga pantas ay ang kanilang mga kayamanan: Nguni't ang kamangmangan ng mga mangmang ay kamangmangan lamang.
- 25 Ang tapat na saksi ay nagliligtas ng mga kalulua: Nguni't siyang nagsasalita ng mga kasinungalingan ay nagdaraya.
- 26 Sa takot sa PANGINOON ay may matibay na pagkakatiwala: At ang kaniyang mga anak ay magkakaroon ng lugar na silungan.
- 27 Ang takot sa PANGINOON ay bukal ng kabuhayan, Upang humiwalay sa mga silo ng kamatayan.
- 28 Nasa karamihan ng bayan ang kalualhatian ng hari: Nguni't nasa pangangailangan ng bayan ang kagibaan ng pangulo.
- 29 Siyang makupad sa pagkagalit ay may malaking kaalaman: Nguni't siyang madaling mainip sa espiritu ay pumupuri ng kamangmangan.
- 30 Ang tiwasay na puso ay buhay ng laman: Nguni't ang kapanaghilian ay bukbok ng mga buto.
- 31 Siyang umaapi sa dukha ay muwawalang halaga sa May-lalang doon. Nguni't siyang naaawa sa mapagkailangan ay nagpaparangal sa kaniya.
- 32 Ang masama ay mahahagis sa kaniyang masamang gawa: Nguni't ang banal ay may pag-asa sa kaniyang kamatayan.
- 33 Karunungan ay nagpapahinga sa puso niya na may kaalaman: Nguni't ang nasa loob ng mga mangmang ay nakikilala.
- 34 Ang kabanalan ay nagpapapuri sa nacion: Nguni't ang kasalanan ay nagpapamura sa alin mang bayan.
- 35 Ang biyaya ng hari ay sa aliping gumagawa na may kapantasan: Nguni't ang kaniyang pag-iinit ay magiging laban sa nakakahiya.
- 15 Ang malubay na sagot ay nakapapawi ng pag-iinit: Nguni't ang mabigat na salita ay humihila ng galit.
- 2 Ang dila ng pantas ay nagpapalugod sa kaalaman: Nguni't ang bibig ng mga mangmang ay nagbubuhos ng kamangmangan.
- 3 Ang mga mata ng PANGINOON ay nasa lahat ng lugar, Na nagbabantay sa masama at mabuti.
- 4 Ang dilang mabuti ay punong kahoy ng buhay: Nguni't ang liko sa kaniya ay kasiraan ng espiritu.
- 5 Niwawalang kabuluhan ng mangmang ang saway ng kaniyang ama: Nguni't siyang nakikingig ng saway ay gumagawang may kabaitan.
- 6 Sa bahay ng banal ay maraming kayamanan: Nguni't sa mga tinangap ng masama ay kabagabagan.
- 7 Ang mga labi ng pantas ay nagsasabog ng kaalaman: Nguni't ang puso ng mangmang ay hindi gayon:
- 8 Ang hayin ng masama ay kasuklam-suklam sa PANGINOON: Nguni't ang dalangin ng matuid ay kaniyang kaaliwan.
- 9 Ang lakad ng masama ay kasuklam-suklam sa PANGINOON: Nguni't umiibig siya sa sumusunod sa kabanalan.
- 10 May mabigat na saway sa kaniya, na nagpapabaya ng lakad: At siyang napopoot sa saway ay mamamatay.
- 11 Libingan at kapahamakan ay nasa harap ng PANGINOON: Ganong higit pa nga ng mga puso ng mga anak ng mga tawo!
- 12 Hindi iniibig ng manunuya ang sumasaway: Siya'y hindi paroroon sa pantas.
- 13 Ang masayang puso ay nagpapasaya ng mukha:

- Nguni't sa kapanlawan ng puso ay sumisira ng espiritu.
- 14 Ang puso niya na may kaalaman ay humalahanap ng pagkakilala:  
Nguni't ang bibig ng mga mangmang ay kumakain ng kamangmangan.
- 15 Lahat ng araw sa napipighati ay masama:  
Nguni't siyang may masayang puso ay laging kapistahan.
- 16 Maigi ang kaunti na may takot sa PANGINOON,  
Kay sa malaking kuyamanan na may kabagabagan.
- 17 Maigi ang pagkaing gulay na may pag-ibig,  
Kay sa matabang turo at may kapoc-tan.
- 18 Ang mainiting tawo ay humihila ng pagtatalo:  
Nguni't siyang makupad sa galit ay nagpapahupa ng pagtatalo.
- 19 Ang daan ng tamad ay parang siitan ng mga tinik:  
Nguni't ang daan ng matuid ay ginagawang maluang na langangan.
- 20 Ang pantas na anak ay nagpapasaya ng ama:  
Nguni't niwawalang kabuluhan ng mangmang ang kaniyang ina.
- 21 Ang kamangmangan ay kagalakan sa walang bait:  
Nguni't pinatutuid ng maalam ang kaniyang paglakad.
- 22 Kung saan walang payo ay nagugulo ang mga akala:  
Nguni't sa karamihan ng mga tagapayo ay nangatatag.
- 23 Ang tawo ay may kagalakan sa sagot ng kaniyang bibig:  
At ang salita sa ukol na panahon, pagkabuti!
- 24 Sa pantas ay paitaas ang daan ng buhay,  
Upang kaniyang mahiwalayan ang libingan sa ibaba.
- 25 Bubunutin ng PANGINOON ang bahay ng palalo:  
Nguni't kaniyang itatatag ang hanganan ng babayeng bao.
- 26 Ang mga masamang akala ay kasuk-lamsuklam sa PANGINOON:  
Nguni't ang mga maligayang salita ay dalisay.
- 27 Siyang sakim sa pakinabang ay bumabagabag ng kaniyang sariling bahay:
- Nguni't siyang napopoot sa mga kalooob ay mabubuhay.
- 28 Ang puso ng banal ay nagbubulay ng isasagot:  
Nguni't ang bibig ng masama ay nagbubuhos ng mga masamang bagay.
- 29 Ang PANGINOON ay malayo sa masama:  
Nguni't kaniyang dinidinig ang dalangin ng banal.
- 30 Ang liwanag ng mga mata ay nagpapagalak ng puso:  
At ang mga mabuting balita ay nagpapataba ng mga buto.
- 31 Ang pakinig na nakikinig sa saway ng buhay,  
Tatahan sa gitna ng pantas.
- 32 Siyang tumatangi sa saway ay muwalang kabuluhan sa kaniyang sariling kalulua:  
Nguni't siyang nakikinig sa saway ay uagtatamo ng kaalaman.
- 33 Ang takot sa PANGINOON ay turo ng karunungan;  
At sa unahan ng karangalan ay nagpapawana ang pagpapakumbaba.
- 16 Ang mga paghalianda ng puso ay ukol sa tawo:  
Nguni't ang sagot ng dila ay mula sa PANGINOON.
- 2 Ang lahat ng lakad ng tawo ay malinis sa kaniyang sariling mga mata:  
Nguni't tinitimbang ng PANGINOON ang mga espiritu.
- 3 Itungkol mo sa PANGINOON ang iyong mga gawa,  
At ang iyong mga pag-iisip ay matabatag.
- 4 Ginawa ng PANGINOON ang lahat ng bagay para sa kaniyang sariling wakas:  
Oo, pati ng masama para sa kaarawan ng kasam-an.
- 5 Lahat ng palalo sa puso ay kasuk-lamsuklam sa PANGINOON:  
Baya man magkabit-kabit ang kamay ay walang pagsalang parurusahan.
- 6 Sa pamamag-itan ng kaawaan at kato-tobanan ay nalilinis ang kasam-an:  
At sa pamamag-itan ng takot sa PANGINOON ay humihiwalay ang mga tawo sa kasam-an.
- 7 Pagka ang mga lakad ng tawo ay nakapagpapalugod sa PANGINOON,

- Kaniyang pinapapayapa pati ng kaniyang mga kaaway sa kaniya.
- 8 Maigi ang kaonti na may kabanalan, Kay sa malalaking pag-aari na may kalikuan.
- 9 Ang puso ng tawo ay kumakatha ng kaniyang lakad :  
Nguni't ang PANGINOON ang nagtutuid ng kaniyang mga hakbang.
- 10 Hatol na pasiya ay nasa mga labi ng hari :  
Ang kaniyang bibig ay hindi sasalang-sang sa kahatulan.
- 11 Ang tapat na timbangan at romana ay sa PANGINOON :  
Labat ng timbangang supot ay kaniyang gawa.
- 12 Kasuklamsuklam sa mga hari na magkamit ng kasam-an :  
Sapagka't ang loklokan ay natatag sa pamamag-itan ng kabanalan.
- 13 Mga banal na labi ay kaaliwan ng mga hari ;  
At kanilang iniibig ang nagsasalita ng matuid.
- 14 Ang pag-iinit ng hari ay gaya ng mga sugo ng kamatayan :  
Nguni't papapayapain ng pantas.
- 15 Nasa liwanag ng mukha ng hari ang buhay ;  
At ang kaniyang biyaya ay gaya ng alapaap ng huling ulan.
- 16 | Pagkaigi nga na magtamo ng karunungan kay sa ginto !  
Oo, magtamo ng kaalaman ay maigi kay sa pumili ng pilak.
- 17 Ang maluang na langsgan ng matuid ay humiwalay sa kasam-an :  
Siyang nag-iingat ng kaniyang lakad ay nag-iingat ng kaniyang kalulua.
- 18 Ang kapalaluan ay nagpapauna sa kagibaan,  
At ang mapagmataas na espiritu ay sa pagkabual.
- 19 Maigi ang magkaroon ng mapagpakumbabang espiritu na kasama ng dukha,  
Kay sa humati ng samsam na kasama ng palalo.
- 20 Siyang nag-iingat sa salita ay makakasumpung ng mabuti :  
At ang nananalig sa PANGINOON ay maginhawa.
- 21 Ang pantas sa puso ay tatayaging mabait :
- At ang katamisan sa mga labi ay nagdaragdag ng kaalaman.
- 22 Ang kaalaman ay bukal ng buhay sa nagtatamo :  
Nguni't ang saway ng mga mangmang ay siyang kanilang kamangmangan.
- 23 Ang puso ng pantas ay nagtuturo sa kaniyang bibig,  
At nagdaragdag ng alam sa kaniyang mga labi.
- 24 Mga masayang salita ay parang pulot pukyutan,  
Matamis sa kalulua at kaginhawahan sa mga buto.
- 25 May daan na tila matuid sa tawo,  
Nguni't ang wakas noon ay mga daan ng kamatayan.
- 26 Ang lasa sa pagkain ng mangagawang tawo ay gumagawa sa ganang kaniya ;  
Sapagka't ang kaniyang bibig ay nagpapamahala sa kaniya.
- 27 Ang masamang tawo ay kumakatha ng kapanlawan :  
At sa kaniyang mga labi ay may masigalbang apoy.
- 28 Ang masamang tawo ay nagkakalat ng pagtatalo :  
At ang mapaghatid-dumapit ay naghihiwalay ng magkakaibigang matalik.
- 29 Ang marahas ay dumadaya sa kaniyang kapua,  
At pinapatnubayan niya siya sa daang hindi mabuti.
- 30 Ikinikindat ang kaniyang mga mata, upang kumatha ng mga masamang bagay :  
Siyang nangangagat labi ay nagwawakas ng kasam-an.
- 31 Ang ulong may uban ay korona ng kalualhatian,  
Masusumpungan sa daan ng kabanalan.
- 32 Siyang makupad sa pagkagalit ay maigi kay sa makapangyarihan ;  
At nagpupuno sa kaniyang espiritu kay sa sumasakop ng isang ciudad.
- 33 Ginagawa ang pagsasapalarang-laro sa kandungan ;  
Nguni't ang boong pasiya noon ay sa PANGINOON
- 17 Maigi ang isang tuyong subo at may katahimikan sa kaniya,  
Kay sa balay na may laging pistaahn na may pagkakaalit.

- 2 Ang alipin na gumagawang may kapantasan ay magpupuno sa anak na nakahihiya,  
At siya'y magkakabalagi sa mana ng magkakapatid.
- 3 Ang sangagan ay sa pilak, at ang huron ay sa ginto:  
Nguni't sinusubok ng PANĀNGON ang mga puso.
- 4 Ang mangagawa ng kasam-an ay nakikinig sa mga masamang labi;  
At ang sinungaling ay nakikinig sa madaldal na dila.
- 5 Sino mang tumutuya sa dukha ay nagpaparatang sa May-lalang sa kaniya:  
At ang natutua sa kapahamakan ay walang pagsalang parurusahan.
- 6 Ang mga anak ng mga anak ay korona ng mga matanda;  
At ang katuhatian ng mga anak ay ang kanilang mga ama.
- 7 Ang marilag na salita ay hindi nagiging mabuti sa mangmang:  
Lalo na ang magdarayang mga labi, sa pangulo.
- 8 Ang kaloob ay mahalagang bato sa mga mata ng nagtatamo:  
Saan man pumilit ay gumiginhawa.
- 9 Ang nagtatakip ng pagsalangsang ay humahanap ng pag-ibig:  
Nguni't ang nagdadadaldal sa bagay ay naghiwalay ng mabuting kaibigan.
- 10 Ang saway ay nanasok sa isang may kaalaman,  
Kay sa isang daang hampas sa mangmang.
- 11 Ang hinahanap lamang ng masamang tawo ay panghihimagsik;  
Kaya't isang mabagsik na sugo ay susuguin laban sa kaniya.
- 12 Masalubong ang tawo ng oso na nanakawan ng kaniyang mga anak,  
Maigi kay sa mangmang sa kaniyang kamangmangan.
- 13 Sino mang gumaganti ng kasam-an sa mabuti,  
Kasam-an ay hindi hihawalay sa kaniyang bahay.
- 14 Ang pasimula ng pagkakaalit ay gaya ng pagbuga ng tubig.  
Kaya't iwan niyo ang pagtatalo, bago mag-init sa pagkakaalit.
- 15 Ang nagpapatoto sa masama, at ang nagpaparusa sa banal,  
Kapua sila kasuklamsuklam sa PANĀNGON.
- 16 Bakit may halaga sa kamay ng mangmang upang bumili ng karunungan,  
Sa bagay ay wala siyang alam?
- 17 Ang kaibigan ay umiibig sa lahat ng panahon,  
At ang kapatid ay ipinanganak para sa kapighatian.
- 18 Ang tawong walang kaalaman ay kumakamay ng kamay.  
At nagiging mananagot sa harap ng kaniyang kapua.
- 19 Ang umiibig ng pagsalangsang ay umiibig ng pagtatalo:  
Ang nagtataas ng kaniyang pintuangdaan ay humahanap ng kagibaan.
- 20 Siyang may masamang puso ay hindi nakakasumpong ng mabuti:  
At siyang may masamang dila ay nahuhulog sa kapanlawan.
- 21 Ang nanganganak ng mangmang ay nagtatamo sa kaniyang kapanlawan:  
At ang ama ng mangmang ay walang kagalakan.
- 22 Ang masayang puso ay mabuting kagamutan:  
Nguni't ang bagbag na espiritu ay tumutuyo ng mga buto.
- 23 Ang masama ay kumukuha ng kaloob mula sa kaniyang sipapupunan,  
Upang ipahamak ang daan ng kahatulan.
- 24 Karunungan ay nasa harap ng mukha ng maalam:  
Nguni't ang mga mata ng mangmang ay nasa mga wakas ng lupa.
- 25 Ang mangmang na anak ay kapanlawan sa kaniyang ama,  
At kapaitan sa panganak sa kaniya.
- 26 Parusahan naman ang banal ay hindi mabuti,  
O sugatan man ang maginoo dahil sa kanilang katuiran.
- 27 Siyang nagtitipid ng kaniyang mga salita ay may kaalaman:  
At siyang may espiritung malamig ay tawong maalam.
- 28 Ang mangmang man, pagka siya'y tumatahimik, ay nabibilang na pantas:  
Pagka kaniyang tinitikom ang kaniyang mga labi, ay hinahalagahan siyang mabait.

- 18** Ang humihiwalay ay humahanap ng sarili niyang nasa,  
At nakikipagtalo laban sa lahat na magaling na karunungan.
- 2** Ang mangmang ay walang kaaliwan sa kaalaman,  
Kungdi maihayag lamang ang kaniyang puso.
- 3** Pagka ang masama ay dumarating, dumarating naman ang pagwawalang kabuluhan,  
At kasama ng kuya ang pagkaduhagi.
- 4** Ang mga salita ng bibig ng tawo ay parang mga malalim na tubig;  
Ang bukal ng karunungan ay parang agos ng batis.
- 5** Tangapin ang pagkatawo ng masama ay hindi mabuti,  
O iligaw man ang banal sa kahatulan.
- 6** Ang mga labi ng mangmang ay nansok sa pagtatalo,  
At tinatawag ng kaniyang bibig ang mga hampas.
- 7** Ang bibig ng mangmang ay kaniyang kapahamakan,  
At ang kaniyang mga labi ay silo ng kaniyang kalulua.
- 8** Ang mga salita ng mga mapaghatid-dumapit ay parang mga masarap na subo,  
At mga bumababa sa pinakaloob ng tiyan.
- 9** Siya namang mahina sa kaniyang gagawin  
Ay kapatid siya ng mangigiba.
- 10** Ang pangalan ng PANGINOON ay matayog na moog:  
Tinatakbuhan ng banal at naliligtas.
- 11** Ang yaman ng mayamang tawo ay ang kaniyang matibay na ciudad,  
At parang matayog na kuta sa kaniyang sariling isip.
- 12** Bago ang kagibaan ay pagmamalaki ng puso ng tawo,  
At bago ang karangalan ang pagpapakumbaba,
- 13** Ang sumasagot bago makinig,  
Ay kamangmangan at kahihyan sa kaniya.
- 14** Aalalayan ng espiritu ng tawo ang kaniyang kapayatan;  
Nguni't ang bagbag na espiritu, sinong nakapagdadalá?
- 15** Ang puso ng mabait ay nagtatamo ng kaalaman;
- At ang pakinig ng pantas ay humahanap ng kaalaman.
- 16** Ang kalooob ng tawo ay nagbubukas ng daan sa kaniya,  
At dinadala siya sa harap ng mga mahal na tawo.
- 17** Ang nakikipaglaban ng kaniyang usap na una ay tila banal;  
Nguni't dumarating ang kaniyang kapua at sinisiyasat siya.
- 18** Ang pagsasapalaran ay nagpapatigil ng mga pagtatalo,  
At humahati sa gitna ng mga makapangyarihan.
- 19** Ang kapatid na nagalit ay mabigat pakinamangin kay sa matibay na ciudad:  
At ang gayong mga pagtatalo ay gaya ng mga halang ng isang kastillo.
- 20** Ang tiyan ng tawo ay mabubusog ng bunga ng kaniyang bibig;  
Ng bunga ng kaniyang mga labi ay mabubusog siya.
- 21** Kamatayan at buhay ay nasa kapangyarihan ng dila;  
At ang mga umiibig sa kaniya ay kakain ng kaniyang bunga.
- 22** Sino mang lalaking nakakasumpung ng asawa ay nakakasumpung ng mabuting bagay,  
At nagtatamo ng biyaya sa PANGINOON.
- 23** Ang dukha ay gumagamit ng mga pamanhik:  
Nguni't ang mayaman ay sumasagot na may kagilasan.
- 24** Ang nagpaparami ng mga kaibigan ay sa kaniyang sariling kapahamakan:  
Nguni't may kaibigan na mahigit kay sa isang kapatid.
- 19** Maigi ang dukha na lumalakad sa kaniyang pagtatapat  
Kay sa masama sa kaniyang mga labi at mangmang.
- 2** Gayon din ang kalulua na walang kaalaman ay hindi mabuti;  
At siyang nagmamadali ng kaniyang mga paa ay nagkakasala.
- 3** Ang kamangmangan ng tawo ay sumisira ng kaniyang lakad;  
At ang kaniyang puso ay nagagalit laban sa PANGINOON.
- 4** Ang kayamanan ay nagdadagdag ng maraming kaibigan:  
Nguni't ang dukha ay hiwalay sa kaniyang kaibigan.

- 5 Ang sinungaling na saksi ay walang pagsalang parurusahan; At ang nagsasalita ng mga kasinungalingan ay hindi makataanan.
- 6 Marami ang mamamanhik ng biyaya sa magandang-loob: At lahat ng tawo ay kaibigan ng nagbibigay ng mga kaloob.
- 7 Kinapopootan siya ng lahat ng mga kapatid ng dukha. | Gaano pa nga ang kaniyang mga kaibigan ay lalayo sa kaniya! Kaniyang hinahabol *sila ng* mga salita, *nguni't* wala na.
- 8 Siyang nag-iimpok ng karunungan ay umiibig sa kaniyang sariling kalulua: Siyang nag-iingat ng kaalaman ay makakasumpong ng mabuti.
- 9 Ang sinungaling na saksi ay walang pagsalang parurusahan; At ang nagsasalita ng mga kasinungalingan ay mamamatay.
- 10 Maayos na buhay ay hindi magaling sa mangmang; Lalo na sa alipin na magpuno sa mga pangulo.
- 11 Ang kabaitan sa tawo ay nagpapakupad sa galit; At kaniyang kaulhatian na paraanin ang pagsalangsang.
- 12 Ang pag-iinit ng hari ay gaya ng ungal ng leon; Nguni't ang kaniyang biyaya ay gaya ng hamog sa damo.
- 13 Ang mangmang na anak ay kasakunaan ng kaniyang ama: At ang mga pakikipagtalo ng asawa ay walang likat na tulo.
- 14 Bahay at mga kayamanan ay minamana sa mga magulang; Nguni't ang mabait na asawa ay galing sa PANGINOON.
- 15 Katamaran ay nagbabaon sa mahimbing na pagkakatulog; At ang mapagpagayon-gayong kalulua ay magtitiis ng gutom.
- 16 Ang nag-iingat ng utos ay nag-iingat ng kaniyang kalulua: *Nguni't* ang walang bahala sa kaniyang mga lakad ay mamamatay.
- 17 Ang naawa sa dukha ay nagpapautang sa PANGINOON, At ang kaniyang mabuting gawa ay babayaran sa kaniya niya.
- 18 Parusahan mo ang iyong anak, sa parang may pag-asa; At huag mong ilagak ang iyong puso sa kaniyang kapahamakan.
- 19 Ang tawong may malaking pag-iinit ay magdadala ng parusa: Sapagka't kung iyong iligtas sa kaniya, iyong marapat na gawin uli.
- 20 Makinig ka ng bayo, at tumanggap ka ng turo, Upang ikaw ay maging pantas sa iyong huling wakas.
- 21 Maraming hangad ang na sa puso ng tawo; Nguni't ang payo ng PANGINOON, ay tatayo.
- 22 Ang nasa ng tawo ay *ang sukat ng* kaniyang kagandahang-loob: At ang isang dukha ay maigi kay sa isang sinungaling:
- 23 Ang takot sa PANGINOON ay *patunjo* sa kabuhayan: At ang nagtatanikilik ay tatahang tua; Hindi siya dadalawin ng kasam-an.
- 24 Inilalapag ng tamad ang kaniyang kamay sa pingan, At hindi na magsusubo pa sa kaniyang bibig uli.
- 25 Iyong sugatan ang manunuya, at ang walang muang ay mag-aaral ng kabaitan: At iyong sawayin ang maalam, at siya'y makakaalam ng kaalaman.
- 26 Ang sumasamsam sa kaniyang ama, at nagpapalayas sa kaniyang ina, Ay anak na nakakahiya at humahakot ng pagkaduahagi.
- 27 Magtigil ka, anak ko, sa pakikinig ng aral. Na nagliligaw lamang mula sa mga salita ng kaalaman.
- 28 Ang masamang saksi ay tumutuya sa kahatulan: At ang bibig ng masama ay lumalamon ng kasam-an.
- 29 Ang mga kahatulan ay nahahanda sa mga manunuya, At ang mga hampas ay sa mga likod ng mga mangmang.
- 20 Ang alak ay manunuya, ang matapang na alak ay mangugulo; At sino mang napaliligaw sa kaniya ay hindi pantas.
- 2 Ang kakilabutan sa hari ay gaya ng ungal ng leon:



- Ang nāmumungkahi sa kaniya sa galit ay nagkakasala *laban sa kaniyang sariling tubay.*
- 3 Karangalan sa tawo na mag-ingat sa pakikipagtatalan:  
Nguni't lahat ng mangmang ay magiging mangdadaldal.
- 4 Ang tamad ay hindi bubukid dahil sa taginaw;  
Kaya't siya'y magpapalimos sa pag-aani, at walang ano man.
- 5 Payo sa puso ng tawo ay *gaya ng malalim na tubig*;  
Nguni't iigbin ng tawong maalam.
- 6 Karamihan sa mga tawo ay magtatanyag ng kaniyang sariling kagandahang-loob:  
; Nguni't sinong makakasumpong ng tapat?
- 7 Ang matuid na lumalakad sa kaniyang pagtatapat,  
Mapalad ang kaniyang mga anak na susunod sa kaniya.
- 8 Ang hari na nauupo sa loklokan ng kahatulan  
Pinananabog ang lahat na kasam-an ng kaniyang mga mata.
- 9 ; Sinong makapagsasabing: Nilinis'ko ang aking puso,  
Ako'y malinis sa aking kasalanan?
- 10 Mga iba't ibang panimbang, at mga iba't ibang takalan,  
Kapua mga kasuklamsuklam sa PANGINOON.
- 11 Bata pa *ang isa* ay nagpapakilala na ng kaniyang mga gawa,  
Kung ang kaniyang gawa ay magiging malinis, at kung magiging matuid.
- 12 Ang nakikinig na pakinig, at ang nakakakitang mata,  
Kapua ginawa ng PANGINOON.
- 13 Huag mong ibigin ang pagtulog, baka ikaw ay madukha;  
Idilat mo ang iyong mga mata, at mabubusog ka ng tinapay.
- 14 Walang halaga, walang halaga, sabi ng mamimili:  
Nguni't pagka nakalayo siya, nagmamalaki nga.
- 15 May ginto, at saganang mga rubi:  
Nguni't ang mga labi ng kaalaman ay mahalagaang hiyas.
- 16 Kunin mo ang kaniyang suot na nananagot sa taga ibang lupa;  
At tangapan mo ng sanla ang nananagot sa mga taga ibang lupa.
- 17 Tinapay sa paglililo ay matamis sa tawo;  
Nguni't pagkatapos ay mabubusog ang kaniyang bibig ng batong lapok.
- 18 Lahat ng akala ay natatatag sa pamamag-itan ng payo:  
At sa pamamag-itan ng panta; na kapanatrubayan ay bumabaka ka.
- 19 Ang yumayaong mapaghatid-dumapit ay nagtatanyag ng mga lihim:  
Kaya't huag kang makisalamuha sa kaniya na nagbubuka ng maluang ng kaniyang mga labi.
- 20 Siyang sumusumpa sa kaniyang ama o sa kaniyang ina.  
Ang kaniyang ilawan ay papatayin sa salimuot na kadiliman.
- 21 Ang mana ay matatamong madali sa pasimula;  
Nguni't ang wakas noon ay hindi pagpapalain.
- 22 Huag mong sabihing: Ako'y gaganti ng kasam-an:  
Maghintay ka sa PANGINOON, at kaniyang ililigtas ka.
- 23 Mga iba't ibang panimbang ay kasuklamsuklam sa PANGINOON;  
At ang sinungaling na timbangan ay hindi mabuti.
- 24 Ang mga lakad ng tawo ay sa PANGINOON;  
; Paano ngang malalaman ng tawo ang kaniyang lakad?
- 25 Silo nga sa tawo ang magsalita ng walang pakundangang: Santo nga,  
At gumunita pagkatapos ng mga panata.
- 26 Ang pantas na hari ay nagpapapanabog ng masama,  
At dinadala sa kanila ang gulong na *pangitik*.
- 27 Ang espiritu ng tawo ay ilawan ng PANGINOON,  
Na humahanap ng mga pinakaloob na bahagi ng tiyan.
- 28 Kaawaan at katotohanan ay nagpapalagi sa hari:  
At ang kaniyang loklokan ay inaalalayan ng kaawaan.
- 29 Ang kalualhatian ng binata ay ang kanilang kalakasan:  
At ang kagandahan ng matanda ay ang ulong may uban.
- 30 Ang mga hampas na sumusugat ay lumilinis ng kasam-an:

- At ang mga hampas ay dumarating sa mga pinakaloob ng tiyan.
- 21** Ang puso ng hari ay parang agos sa kamay ng PANGINOON:  
Kumikiling saan man niya ibigin.
- 2** Lahat ng lakad ng tawo ay matuid sa kaniyang sariling mga mata:  
Nguni't tinitimbang ng PANGINOON ang mga puso.
- 3** Gumawa ng hatol at kahatulan  
Ay lalong kalugodlugod sa PANGINOON kay sa hayin.
- 4** Ang mapagmataas na tinig at ang palalong puso,  
Siyang ilaw ng kasam-an, kasalanan nga.
- 5** Ang mga pag-iisip ng masipag ay patunjo lamang sa kasaganaan:  
Nguni't lahat na nagmamadali ay sa pangangailangan lamang.
- 6** Ang pagtatamo ng mga kayamanan sa pamamagitan ng magdarayang dila  
Ay singaw na nagpaparoo't parito;  
Siyang mga humahanap ay humahanap ng kamatayan.
- 7** Ang pandadahas ng masama ay siya ring aagaw sa kanila;  
Sapagka't sila'y tumanging gumawa ng kahatulan.
- 8** Ang lakad ng nagpapasan ng sala ay totoong liko;  
Nguni't tungkol sa malinis, ang kaniyang gawa ay matuid.
- 9** Lalong maigi ang tumahan sa sulok ng bubungan,  
Kay sa palatalong babaye sa maluang na bahay.
- 10** Ang kalulua ng masama ay nagnanasa ng kasam-an:  
Ang kaniyang kapua ay hindi nakakasumpung ng biyaya sa kaniyang mga mata.
- 11** Pagka ang manunuya ay pinarusahan, ang walang muang ay nagiging pantas:  
At pagka ang pantas ay tinuturuan tumatangap ng kaalaman.
- 12** Pinagninilay ng banal ang bahay ng masama:  
Kung paanong nagmamadali ang masama sa kanilang pagkasira.
- 13** Ang nagtatakip ng kaniyang mga pakinig sa daing ng dukha,  
Siya naman ay dadaing, nguni't hindi didingin.
- 14** Ang kaloob sa lihim ay nagpapatalimik ng galit,  
At ang kaloob sa sinapupunan ay malaking pag-iinit,
- 15** Kagalakani sa banal ang gumawa ng kahatulan;  
Nguni't kagibaan sa mga mangagawa ng kasam-an.
- 16** Ang tawo na gumagala sa daan ng kaalaman,  
Magpapahinga sa kapulungan ng patay.
- 17** Ang umiibig ng kalayawan ay magiging dukha:  
Ang umiibig ng alak at langis ay hindi yayaran.
- 18** Ang masama ay katubusan para sa banal;  
At ang magdaraya ay sa lugar ng matuid.
- 19** Lalong maigi ang tumahan sa ilang na lupain,  
Kay sa palatalo at magagaliting babaye.
- 20** May mahalagang kayamanan at langis sa tahanan ng pantas;  
Nguni't sinasakmal ng mangmang.
- 21** Ang sumusunod sa kabanalan at kaawaan  
Nakakasumpung ng buhay, kabanalan, at karangalan.
- 22** Sinasampa ng pantas ang ciudad ng makapangyarihan,  
At ibinabagsak ang lakas na pag-asa noon.
- 23** Sino mang nag-iingat ng kaniyang bibig at kaniyang dila,  
Nag-iingat ng kaniyang kalulua sa mga kabagabagan.
- 24** Ang palalo at mapagmataas na tawo, manunuya ang kaniyang pangalan,  
Siya'y gumagawa sa kalambugan ng kapalaluan.
- 25** Ang nasa ng tamad ay pumapatay sa kaniya;  
Sapagka't tumatangi ang kaniyang mga kamay sa paggawa.
- 26** May nag-iimbob ng sakim na nasa boong araw:  
Nguni't ang banal ay naghibigay at hindi nagkakait.
- 27** Ang hayin ng masama ay kasuklam-suklam:  
Gaano pa nga, pagka kaniyang dinadala na may masamang isip!

- 28 Ang sinungaling na saksi ay mama-  
matay:  
Nguni't ang tawong nakikinig ay mag-  
sasalitang may kasakdalan.
- 29 Ang masamang tawo ay nagpapatigas  
ng kaniyang mukha:  
Nguni't tungkol sa tawong matuid,  
nag-aayos ng kaniyang mga lakad.
- 30 Walang karunungan, o kaalaman man,  
O payo man laban sa PANGINOON.
- 31 Ang kabayo ay handa laban sa araw  
ng pagbabaka:  
Nguni't ang pagtatagumpay ay sa  
PANGINOON.
- 22** Ang *mabuting* pangalan ay maiging  
piliin, kay sa malaking kayama-  
nan,  
At ang magandang kalooban, kay sa  
pilak at ginto.
- 2 Ang mayaman at ang dukha ay nag-  
kakasalubong kapua:  
Ang PANGINOON ang May-lalang sa  
kanilang lahat.
- 3 Ang mabait na tawo ay nakakakita  
ng kasam-an at nagkukubli:  
Nguni't dinadaanang ng walang muang,  
at nagtitiis.
- 4 Ang kagantihan sa kababaan at ang  
takot sa PANGINOON  
Ay kayamanan, at karangalan, at  
buhay,
- 5 Mga tinik at mga silo ay nasa daan  
ng mapanhimagsik:  
Ang nag-iingat ng kaniyang kalulua  
ay lumalayo sa mga yaon'
- 6 Turuan mo ang bata sa daan na mara-  
pat niyong lakaran,  
At kung tumanda man siya ay hindi  
niya hihiwalay.
- 7 Ang mayaman ay magpupuno sa  
dukha,  
At ang manghihiram ay alipin ng  
nagpapahiram.
- 8 Siyang naghabasik ng kasam-an ay  
aapi ng kapahamakan;  
At ang pamalo ng kaniyang pag-iinit  
ay maubos.
- 9 Ang may magandang-loob na mata ay  
pagpapalain:  
Sapagka't nagbibigay ng kaniyang  
tinapay sa dukha.
- 10 Itapon mo ang manunuya, at ang  
pagtatalo ay maalis;  
Oo, ang pagkakaalit at pagduhagi ay  
matitigil.
- 11 Siyang umiibig ng kalimisan ng puso,  
*Dahil* sa biyaya ng kaniyang mga  
labi ay magiging kaniyang kaibigan  
ang hari.
- 12 Ang mga mata ng PANGINOON ay nag-  
ingat sa maalam:  
Nguni't kaniyang ibinabagsak ang  
mga salita ng magdaraya.
- 13 Sinasabi ng tamad: May leon sa labas:  
Mapapatay ako sa mga langganan.
- 14 Ang bibig ng mga babayang masama  
ay malalim na hukay:  
Ang napopoot sa PANGINOON ay ma-  
bubual doon.
- 15 Ang kamangmangan ay nababalot sa  
puso ng bata;  
Nguni't ilalayo sa kaniya ng tungkod  
na pangsaway.
- 16 Ang pumipighati sa dukha upang  
magpalago ng kaniyang *pakinabang*,  
At ang nagbibigay sa mayaman, ay sa  
pangangailangan lamang.
- 17 Ikiling mo ang iyong pakinig, at iyong  
dingin ang mga salita ng pantas,  
At ihilig mo ang iyong puso sa aking  
kaalaman.
- 18 Sapagka't maligayang bagay kung  
iyong mga ingatan sa loob mo,  
Kung mgatatag na magkakasama sa  
iyong mga labi.
- 19 Upang ang iyong pag-asa ay mapasa  
PANGINOON,  
Aking mga ipinakilala sa iyo sa araw  
na ito, Oo, sa iyo.
- 20 Hindi ba ako sumulat sa iyo ng mga  
marilag na bagay  
Na mga payo at kaalaman;
- 21 Upang ipakilala sa iyo ang katunayan  
ng mga salitang katotohanan,  
Upang iyong maibalik ang mga salita  
ng katotohanan sa kanila na nagsu-  
sugo sa iyo?
- 22 Huag kang magnakaw sa dukha,  
sapagka't siya'y dukha,  
O pumighati man sa napipighati sa  
pintuang-daan:
- 23 Sapagka't ipakikipaglaban ng PANGI-  
NOON ang kanilang usap,  
At sasamsamang ng buhay yaong mga  
sumasamsam sa kanila.
- 24 Huag kang makipagkaibigan sa lala-  
king magagalitin;  
At sa mainiting lalaki ay huag kang  
sasama:\*

- 25 Baka ikaw ay mag-aral ng kaniyang mga lakad,  
At magtamo ng silo sa iyong kalulua.
- 26 Huag kang maging isa sa kanila na kumakamay,  
O sa kanila na mga nananagot sa mga utang:
- 27 Kung ikaw ay walang ikabayad,  
¿Bakit kaniyang kukunin sa iyo ang iyong hihigan?
- 28 Huag mong baguhin ang dating patoto,  
Na inilagay ng iyong mga magulang.
- 29 ¿Nakikita mo ba ang tawong masipag sa kaniyang gagawin? siya'y tatayo sa harap ng mga hari:  
Hindi siya tatayo sa harap ng mga walang kabuluhang tawe.
- 23** Pagka ikaw ay nauupong kumain na kasalo ng isang pangulo,  
Kilanlin mong maigi siya na nasa harap mo;
- 2 At maglagay ka ng sundang sa iyong lalamunan,  
Kung ikaw ay tawong bigay sa pagkain.
- 3 Huag kang mapagnais ng kaniyang mga masarap na ulam;  
Sa paraang mga marayang pagkain.
- 4 Huag kang magnais na yumaman;  
Tumigil ka sa iyong sariling karunungan:
- 5 ¿Iyo bang itititig ang iyong mga mata sa wala?  
Sapagka't ang mga kayamanan ay tunay na nagsisipagpakpak,  
Gaya ng aguilá na lumilipad sa dakong langit.
- 6 Huag mong kanin ang tinapay niya na may masamang mata,  
O nasain mo man ang kaniyang mga masarap na ulam:
- 7 Sapagka't kung ano ang iniisip niya sa loob niya, ay gayon siya:  
Ikaw ay kumain at uminom, sali niya sa iyo;  
Nguni't ang puso niya ay hindi sumasaiyo.
- 8 Ang subo na iyong kinain ay iyong isusuka,  
At iyong iwawala ang iyong mga matamis na salita.
- 9 Huag kang magsalita sa pakin'g ng mangmang;  
Sapagka't kaniyang wawalan ng kabuluhan ang karunungan ng iyong mga salita.
- 10 Huag mong baguhin ang dating patoto;  
At huag kang masok sa mga bukid ng ulila:
- 11 Sapagka't ang kanilang manunubos ay malakas;  
Ipaglalaban niya ang kanilang usap sa iyo.
- 12 Ihilig mo ang iyong puso sa turo,  
At ang iyong mga paking sa mga salita ng kaalaman.
- 13 Huag mong ipagkait ang pagsaway sa bata:  
*Sapagka't* kung iyong paluin siya ng tungkod, siya'y hindi mamamantay.
- 14 Iyong papaluin siya ng tungkod,  
At ililigtas mo ang kaniyang kalulua sa libingan.
- 15 Anak ko, kung ang iyong puso ay magpakapantas,  
Ang puso ko'y matutua, ang akin:
- 16 Oo, ang aking mga pag-iisip ay magagalak,  
Pagka ang iyong mga labi ay nagsalita ng mga matuid na bagay.
- 17 Huag managhili ang iyong puso sa mga makasalaman:  
Kungdi *lumagay ka* sa takot sa PANĀ-NOON boong araw:
- 18 Sapagka't tunay na may kagantihan;  
At ang iyong pag-asa ay hindi mahihihwalay.
- 19 Iyong dingin, anak ko, at ikaw ay magpakapantas,  
At patnubayan mo ang iyong puso sa daan.
- 20 Huag kang mapasama sa mga mapaglango;  
Sa mga mayamong mangangain ng laman:
- 21 Sapagka't ang lango at ang mayamo ay darating sa karalitaan:  
At ang pag-aantok ay magbibihis sa turo ng pagkapulubi.
- 22 Iyong dingin ang iyong ama na naging anak ka,  
At huag mong walan ng kabuluhan ang iyong ina kung siya'y tumanda.
- 23 Bumili ka ng katotohanan at huag mong ipagbili;  
Oo, karunungan, at turo, at kaalaman.
- 24 Ang ama ng banal ay magagalak na mainam:  
At siyang nagkaanak ng pantas na anak ay magagalak sa kaniya.

- 25 Matua ang iyong ama at ang iyong ina,  
At magalak siyang nauanak sa iyo.
- 26 Anak ko, ibigay mo sa akin ang iyong puso,  
At maaliw ang iyong mga mata sa aking mga daan.
- 27 Sapagka't ang dalahira ay malalim na hukay;  
At ang babayeng masama ay makipot na hukay.
- 28 Oo, siya'y bumabakay na parang tulisan,  
At nagdaragdag ng mga magdaraya sa mga tawo.
- 29 ¿Sinong may ay? ¿sinong may kapanlawan? ¿sinong may pakikipagtalos? ¿Sinong may daing? ¿sino ang may sugat na walang kadahilanan? ¿Sino ang may mga maningas na mata?
- 30 Silang naghihintay sa alak;  
Silang yumayaong humahanap ng haluang alak.
- 31 Huag kang tumingin sa alak pagka mapula,  
Pagka nagbibigay ng kaniyang kulay sa kopa,  
Pagka umaagos na marahan:
- 32 Sa huli ay kumakagat na parang ahas,  
At tumutukang parang ulupong.
- 33 Ang iyong mga mata ay titingin sa mga bagay na kaiba,  
At ang iyong puso ay magsasalita ng mga kalapastanganang bagay.
- 34 Oo, ikaw ay magiging gaya ng nahihiga sa gitna ng dagat,  
O gaya ng nahihiga sa dulo ng isang palo ng sasakyan.
- 25 Kanilang sinaktan ako *iyong sasalitain*,  
at hindi ako nasaktan;  
Kanilang hinampas ako, at hindi ako nagdamdam;  
¿Kailan gigising ako? aking hahana-pin uli.
- 24** Huag kang mapanaghiliin laban sa mga masamang tawo,  
O magnasa ka man na masama sa kani-la:
- 2 Sapagka't ang kanilang puso ay nag-aaral ng pagpighati,  
At ang kanilang mga labi ay nagsasalita ng kasam-an.
- 3 Sa karunungan ay natatayo ang bahay;  
At sa pamamag-itan ng pagkakilala ay natatag:
- 4 At sa pamamag-itan ng kaalaman ay napupuno ang mga silid,
- Ng lahat na mahalaga at maligayang mga kayamanan.
- 5 Ang pantas na tawo ay malakas;  
Oo, ang tawong maalam ay lumalago ang kapangyarihan.
- 6 Sapagka't sa pamamag-itan ng pantas na kapanatnubayan ay babaka ka:  
At sa karamihan ng mga taga-payo ay may kaligtasan.
- 7 Karunungan ay totoong mataas sa ganang mangmang:  
Hindi niya ibinubuka ang kaniyang bibig sa pintuang-daan.
- 8 Siyang kumakatha ng paggawa ng kasam-an,  
Tatawagin siya ng mga tawo na masamang tawo.
- 9 Ang pag-iisip ng mangmang ay kasalanan:  
At ang mang-aapi ay kasuklamsuklam sa mga tawo.
- 10 Kung ikaw ay manlupaypay sa kaarawan ng kapighatian,  
Ang iyong kalakasan ay munti.
- 11 Iligtas mo silang nadala sa kamatayan,  
At ang mga handang papatayin, ay tingnan mo na iyong ibalik.
- 12 Kung iyong sinasabing: Narito, hindi kami nakakaalam nito:  
¿Hindi ba niya binubulay na tumitimbang ng mga puso.  
At siyang nag-iingat ng iyong kalulua,  
¿hindi ba niya nalalaman?  
¿At hindi ba niya gagantihin ang ba-wa't tawo ayon sa gawa nito?
- 13 Anak ko, kumain ka ng pulot,  
sapagka't mabuti;  
At ang pulot pukyutan na matamis sa iyong lasa:
- 14 Sa gayo'y matutututo ka ng karunungan na malalagay sa iyong kalulua:  
Kung iyong nasumpungan, magkakaroon ka nga ng kagantihan,  
At ang iyong pag-asa ay hindi mahihiwalay.
- 15 Huag kang bumakay, Oh masamang tawo, sa tahanan ng banal;  
Huag kang sumansam sa kaniyang lugar na pahingahan:
- 16 Sapagka't ang banal ay nabubual na makapito, at bumabangon uli:  
Nguni't ang masama ay nagigiba sa kapahamakan.
- 17 Huag kang magalak pagka ang iyong kaaway ay nabubual,

- At huag matua ang iyong puso pagka siya'y nagigiba:
- 18 Baka makita ng PANĠNOON, at samahan ng loob siya,  
At kaniyang ihwalay ang pag-iinit niya sa kaniya.
- 19 Huag kang maligalig dahil sa mga mangagawa ng masama;  
O maging mapanaghiliin ka man sa masama:
- 20 Sapagka't hindi magkakaroon ng kagantihan sa masamang tawo;  
Ang ilawan ng masama ay papatayin.
- 21 Anak ko, matakot ka sa PANĠNOON at sa hari:  
At huag kang makisalamuha sa kanila na mapagbago:
- 22 Sapagka't ang kanilang paghamak ay babangong bigla;  
At sinong nakakaalam ng pagiba nila kapua?
- 23 Ang mga ito ay *sabi* rin ng pantas.  
Magkaroon ng pitagan ng mga pagkatawo sa kahatulan, ay hindi mabuti.
- 24 Siyang nagsasabi sa masama: Ikaw ay babal;  
Susumpain siya ng mga bayan, kapopootan siya ng mga nasyon:
- 25 Nguni't sa kanila na sumasaway ay magkakaroon ng kaaliwan,  
At ang mabuting pagpapala ay darating sa kanila.
- 26 Siya'y humahalik ng mga labi  
Yaong nagbibigay ng matuid na sagot.
- 27 Ihanda mo ang iyong gawa sa labas,  
At ihanda mo sa iyo sa parang;  
At pagkatapos ay itayo mo ang iyong bahay.
- 28 Huag kang sumaksi laban sa iyong kapua ng walang kadahilanan;  
At huag kang magdaya ng iyong mga labi.
- 29 Huag mong sabihing: Gagawin kong gayon sa kaniya na gaya ng ginawa niya sa akin;  
Aking ibibigay sa tawo ang ayon sa kaniyang gawa.
- 30 Ako'y nag-daan sa tabi ng bukid ng tamad,  
At sa tabi ng uvasan ng tawong salat sa kaalaman;
- 31 At, narito, tinubuang lahat ng mga tinik,  
Ang ibabaw noon ay natakpan ng mga tinik,
- At ang bakod na bato ay nabagsak.
- 32 Ako nga'y tumingin, at aking binulay na mabuti:  
Aking nakita, at tumanggap ako ng turo.
- 33 Kaonti pang tulog, kaonti pang pagkaidlip,  
Kaonti pang paghahalukipkip ng mga kamay upang matulog:
- 34 Gayon darating ang iyong karalitaan na parang tulisan;  
At ang iyong kasalatan na parang may sakbat na tawo.
- 25 Ang mga ito ay mga kawikaan din ni Salomon, na isinalin ng mga tawo ni Ezekias na hari sa Juda.
- 2 Kalualhatian nga ng Dios na maglihim ng bagay:  
Nguni't ang kalualhatian ng mga hari ay mag-usisa ng bagay.
- 3 Ang langit sa kataasan, at ang lupa ng kalaliman,  
At ang puso ng mga hari ay hindi mauusisa.
- 4 Alisin ang kalawang sa pilak,  
At lumalabas na isang kasangkapan sa ganang platero:
- 5 Alisin ang masama sa harap ng hari,  
At ang kaniyang loklokan ay matatagtag sa kabanalan.
- 6 Huag kang magpauna sa harap ng hari,  
At huag kang tumayo sa lugar ng mga mahal na tawo:
- 7 Sapagka't maigi na sabihin sa iyo:  
Paitaas ka rito;  
Kay sa ibaba ka sa harap ng pangulo,  
Na tininguan ng iyong mga mata.
- 8 Huag kang makialam ng walang gunita sa pakikipagbabag,  
Baka hindi mo malamun kung ano ang gagawin sa wakas noon,  
Pagka ikaw ay hiniya ng iyong kapua.
- 9 Ipaglaban mo ang iyong usap sa iyong kapua,  
At huag mong ihayag ang lihim ng iba:
- 10 Baka siyang nakakarinig ay tumungayaw sa iyo,  
At ang iyong pagkaapi ay hindi maalis.
- 11 Salitang sinasalita sa kankolan  
Ay gaya ng mga manzana na ginto sa mga bilaong pilak.
- 12 Kung paano ang hikaw na ginto, at kagayakang dalisay na ginto,

- Gayon ang pantas na munanaway sa masunuring pakinig.*
- 13 *Kung paano ang lamig ng nieve sa panahon ng pag-aani,*  
*Gayon ang tapat na sugo sa kanila na nagsugo sa kaniya;*  
*Sapagka't kaniyang pinagiginhawa ang kalulua ng kaniyang mga panginoon.*
- 14 *Kung paano ang mga alapaap at hangin na walang ulan,*  
*Gayon ang tawong naghahambog na walang katotohanan na mapagka-loob.*
- 15 *Sa pamamag-itan ng katibayan ng loob ay napahihikayat ang pangulo, At ang malambot na dila ay bumabagsag ng buto.*
- 16 *Nakasumpung ka ba ng pulot? kumain ka ng sapat sa iyo;*  
*Baka ikaw ay masuya at iyong isuka.*
- 17 *Magdalang ang iyong paa sa bahay ng iyong kapua;*  
*Baka siya'y mayanot, at kapootan ka.*
- 18 *Ang tawo na sumasaksi ng kasinungalingan, na saksi laban sa kaniyang kapua*  
*Ay isang masa ng sandata, at isang tabak, at isang matulis na pana.*
- 19 *Pagtatapat sa di tapat na tawo sa panahon ng kabagabagan*  
*Ay gaya ng baling ngipin, at ng nabaliang paa.*
- 20 *Kung paano ang nang-agaw ng kasuotan sa panahong tinagaw, at kung paano ang suka sa sosa,*  
*Gayon siyang umaawit ng mga awit sa mabigat na puso.*
- 21 *Kung ang iyong kaaway ay magutom, bigyan mo siya ng tinapay na makakain;*  
*At kung siya'y mauhaw, bigyan mo siya ng tubig na maiinom:*
- 22 *Sapagka't ikaw ay magbubunton ng baga ng apoy sa kaniyang ulo,*  
*At gagantihin ka ng PANGINOON.*
- 23 *Ang hangging hilagaan ay naglalabas ng ulan:*  
*Gayon ang dilang madaldal sa galit na mukha.*
- 24 *Maigi ang tumahan sa sulok ng bubungang,*  
*Kay sa kasama ng palaaway na babaye sa maluang na bahay.*
- 25 *Kung paano ang malamig na tubig sa uhaw na kalulua,*
- Gayon ang mga mabuting balita na mula sa malayong lupain.*
- 26 *Kung paano ang malabong balon at ang bukal na nalabukaw,*  
*Gayon ang banal na nagbigay daan sa harap ng masama.*
- 27 *Hindi mabuting kumain ng maraming pulot:*  
*Gayon ang pagsigasig ng tawo ng kaniyang sariling kalualhatian, na hindi kalualhatian.*
- 28 *Siyang hindi pumipigil ng kaniyang sariling espiritu*  
*Ay gaya ng ciudad na nagiba, at walang kuta.*
- 26 *Kung paano ang nieve sa tag-init at kung paano ang ulan sa pag-aani,*  
*Gayon ang karangalan ay hindi nababagay sa mangmang.*
- 2 *Kung paano ang maya sa kaniyang paggagala, kung paano ang langay-langayan sa kaniyang paglipad,*  
*Gayon ang sumpa na hindi dumapod ng walang kadahilanan.*
- 3 *Ang latigo ay para sa kabayo, ang paningkaw ay sa asno,*  
*At ang pamalo ay sa likod ng mga mangmang.*
- 4 *Huag mong sagutin ang mangmang ng ayon sa kaniyang kamangmangan,*  
*Baka ikaw naman ay maging gaya niya.*
- 5 *Sagutin mo ang mangmang ayon sa kaniyang kamangmangan,*  
*Baka siya'y maging pantas sa ganang kaniya.*
- 6 *Siyang nagsusugo ng pasugo sa pamamag-itan ng kamay ng mangmang*  
*Naghihiwalay ng kaniyang mga paa, at umiinom ng kabagabagan.*
- 7 *Ang mga hita ng pilay ay nabibiting walang kabuluhan:*  
*Gayon ang talinhaga sa bibig ng mga mangmang.*
- 8 *Kung paano ang supot ng mga hiyas sa bunton ng mga bato,*  
*Gayon ang nagbibigay ng karangalan sa mangmang.*
- 9 *Kung paano ang tinik na nakatayo sa kamay ng lango,*  
*Gayon ang talinhaga sa bibig ng mga mangmang.*
- 10 *Kung paano ang mamamana na sumusugat sa lahat,*  
*Gayon ang umuupa sa mangmang: at umuupa sa pagayon-gayon.*

- 11 Kung paano ang aso na bumabalik sa kaniyang suka,  
*Gayon ang mangmang na umuulit ng kaniyang kamangmangan.*
- 12 ¿Nakikita mo ba ang tawong pantas sa ganang kaniyang sarili?  
May higit na pag-asa sa mangmang kay sa kaniya.
- 13 Sinabi ng tamad: May leon sa daan; May leon sa mga langganan.
- 14 Kung paano, na ang pintuan ay pumipihit sa kaniyang pihitan,  
Gayon ang tamad sa kaniyang hihigan.
- 15 Idinadampot ng tamad ang kaniyang kamay sa pingan;  
Napapagod siyang dalhin ulisa kaniyang bibig.
- 16 Ang tamad ay lalong pantas sa ganang kaniyang sarili  
Kay sa pitong tawo na makapagbibigay katuiran.
- 17 Ang nagdaraan at nakikialam sa pag-aaway na hindi ukol sa kaniya,  
Ay gaya ng humahawak ng aso sa mga tainga.
- 18 Kung paano ang tawong ulol na naghabagis ng mga dupong na apoy,  
Mga pana, at kamatayan;
- 19 Gayon ang tawo na nagdadaya sa kaniyang kapua,  
At nagsasabing: ¿Hindi ko ba ginawa sa kaaliwan?
- 20 Sa kakulangan ng kahoy ay namamatay ang apoy:  
At kung saan walang mapaghatid dumapit ay tumitigil ang pagkakaalilit.
- 21 Kung paano ang mga uling sa mga baga, at ang kahoy sa apoy;  
Gayon ang tawong madaldal na nagpapaningas ng pagkakaalilit.
- 22 Ang mga salita ng mapaghatid dumapit ay gaya ng mga mazarap na subo,  
At mga yumayaon sa mga pinakalooob na bahagi ng tiyan.
- 23 Mga matamis na labi at masamang puso  
Ay gaya ng sisidlang lupa na nababalot ng kalawang ng pilak.
- 24 Ang napopoot ay nagpapakunuari ng kaniyang mga labi,  
Ngunit siya'y naglalagay ng pagdaraya sa loob niya:
- 25 Pagka siya'y nagsasalitang mainam, huag mo siyang paniwalaan;
- Sapagka't may pitong kasuklamsuklam sa kaniyang puso:
- 26 Baga man ang kaniyang kapootan ay magtakit ng karayaan,  
Ang kaniyang kasam-an ay lubos na maipakikilala sa harap ng kapuluangan.
- 27 Ang humuhukay ng hukay ay mabubual doon:  
At siyang nagpapagulong ng bato, babalikan siya.
- 28 Ang magdarayang dila ay napopoot sa mga sinugatan niya;  
At ang bibig na mapagpuri ay gumagawa ng kagibaan.
- 27 Huag kang magmataas ng sa kinabukasan;  
Sapagka't hindi mo nalalaman kung ano ang ilalabas ng ibang araw.
- 2 Purihin ka ng iba at huag ng iyong sariling bibig;  
Ng taga ibang lupa, at huag ng iyong sariling mga labi.
- 3 Ang bato ay mabigat, at ang buhangin ay matimbang;  
Ngunit ang galit ng mangmang ay lalong mabigat kay sa mga yaon.
- 4 Pag-iinit ay mabagsik, at ang galit ay mamumugnaw,  
¿Ngunit sinong makatatayo sa harap ng paninibugho?
- 5 Maigi ang saway na hayag  
Kay sa pag-ibig na nakukubli.
- 6 Tapat ang mga sugat ng kaibigan:  
Ngunit ang mga halik ng kaaway ay labusaw.
- 7 Ang busog na kalulua ay tumatangi sa pulot-pukyutan:  
Ngunit sa gutom na kalulua ay matamis ang bawa't mapait na bagay.
- 8 Kung paano ang ibon na gumagala mula sa kaniyang pugad,  
Gayon ang tawo na gumagala mula sa kaniyang lugar.
- 9 Ang unguento at pabango ay nagpapagalak ng puso:  
Gayon ang katamisan ng kaibigan ng tawo na nagbubuhat sa maiging payo.
- 10 Ang iyong sariling kaibigan at ang kaibigan ng iyong ama, huag mong pabayaan;  
At huag kang pumaroon sa bahay ng iyong kapatid sa kaarawan ng iyong kasakunaan:



- Maigi ang kapua na malapit kay sa kapatid na malayo.
- 11 Anak ko, ikaw ay magpakadunong, at iyong pasayahin ang aking puso, Upang aking masagot siya na tumutuya sa akin.
- 12 Ang tawong mabait ay nakakakita ng kasam-an at nagkukubli:  
*Nguni't dinadaanan ng walang muang, at nagtitiis.*
- 13 Kunin mo ang kaniyang kasuotan na nananagot sa taga ibang lupa; At tangapan mo siya ng sanla na nananagot sa babayeng masama.
- 14 Siyang nagpapala sa kaniyang kaibigan ng malakas na voces, na bumabangong maaga sa kinaumagahan,  
Mabibilang na sumpa sa kaniya.
- 15 Ang laging tulo sa panahon ng tagulan  
At ang babayeng palatafo ay magkapis:
- 16 Ang pumipigil sa kaniya, ay pumipigil sa hangin;  
At ang kaniyang kanan ay nakakasumpung ng langis.
- 17 Ang bakal ay tumatalas sa bakal; Gayon ang tawo ay tumatalas sa mukha ng kaniyang kaibigan.
- 18 Ang nag-iingat ng puno ng higos ay kakain ng bunga noon;  
At ang naghihintay sa kaniyang panginon ay pararangalin.
- 19 Kung paanong sa tubig ang mukha ay sumasagot sa mukha,  
Gayon ang puso ng tawo sa tawo.
- 20 Ang libingan at ang kapahamakan ay hindi nabubusog kailan man;  
At ang mga mata ng tawo ay hindi nasisiyan kailan man;
- 21 Ang sangagan ay sa pilak at ang hurno ay sa ginto,  
At ang tawo ay *nasusubok* sa pamamagitan ng kaniyang pagpuri.
- 22 Baga man iyong piitin ang mangmang sa isang piitan na kasama ng pangbayo sa mga bayong trigo,  
Gayon ma'y hindi hihiwalay ang kaniyang kamangmangan sa kaniya.
- 23 Magmasipag ka na alamín mo ang kalagayan ng iyong mga kawan,  
At tingnan mong mabuti ang iyong mga bakahan:
- 24 Sapagka't ang mga kayamanan ay hindi magpakailan man:  
¿At namamalagi ba ang korona sa boong panahon?
- 25 Ang kugon ay pinupulot, at ang malambot na damo ay lumilitaw,  
At ang mga gugulayin sa mga bundok ay kinakamaling.
- 26 Ang mga cordero ay para sa iyong kasuotan,  
At ang mga kambing ay siyang halaga ng bukid:
- 27 At magkakaroon ng kasiang gatas ng kambing para sa iyong pagkain, para sa pagkain ng iyong kasambahay;  
At para pagkain ng iyong mga alilang babaye.
- 28 Ang masama ay tumatakas ng walang tawong humahabol:  
Nguni't ang banal ay masulong na parang leon.
- 2 Dahil sa pagsalangsang ng lupain ay marami ang kaniyang mga pangulo:  
Nguni't sa tawong maalam at matalino ay hababa ang kalagayan niya.
- 3 Ang mapagkailangan na pumipighati sa dukha  
Ay gaya ng magahasang ulan na hindi nag-iwan ng pagkain.
- 4 Silang nagpapabaya ng kautusan ay pumupuri sa masama:  
Nguni't ang nag-iingat ng kautusan ay nakikipagkaalit sa kanila.
- 5 Ang masamang tawo ay hindi naka-kaalam ng kahatulan;  
Nguni't silang humahanap sa PANORNOON ay nakakaalam ng lahat na bagay.
- 6 Maigi ang dukha na lumalakad sa kaniyang pagtatapat;  
Kay sa masama sa kaniyang mga lakad, бага man siya'y mayaman.
- 7 Ang nag-iingat ng kautusan ay pantas na anak:  
Nguni't siyang kasama ng mga matakaw ay humihiya ng kaniyang ama:
- 8 Ang nagpapalago ng kaniyang yaman sa tubo at pakinabang,  
Ay pumipisan para sa nasaawa sa dukha.
- 9 Siyang naglalayo ng kaniyang pakinig sa pakikinig ng kautusan,  
Pati ng kaniyang dalangin ay kasuklamuklam.

- 10 Ang nagliligaw sa matuid sa masamang daan,  
Siya'y mabubual sa kaniyang sariling hukay:  
Nguni't ang sakdal ay magmamana ng mabuti.
- 11 Ang mayaman ay pantas sa ganang kaniyang sarili;  
Nguni't ang dukha na maalam ay sumisiyasat.
- 12 Pagka ang banal ay nagtatagumpay, may malaking kalualhatian:  
Nguni't pagka ang masama ay bumabangon, nagsisipagtago ang mga tawo.
- 13 Siyang nagtatakip ng kaniyang mga pagsalangsang ay hindi giginhawa:  
Nguni't ang nagsasaysay at nag-iwan ay magtatamo ng kaawaan.
- 14 Maginhawa ang tawo na natatakot na lagi:  
Nguni't siyang nagmamatigas ng kaniyang puso ay mahuhulog sa kapanlawan.
- 15 *Kung paano* ang umuungal na leon, at ang gutom na oso,  
*Gayon* ang masamang puso sa maralitang bayan.
- 16 Ang pangulo na kulang sa kaalaman ay malaking mamimighati rin:  
Nguni't siyang napopoot sa kasakiman ay hahaba ang kaniyang mga araw.
- 17 Ang tawo na nagpapasan ng dugo ng sino mang tawo,  
Tatakas sa hukay; huag pigilin ng sino man.
- 18 Ang lumalakad ng matuid ay mali-  
ligtas:  
Nguni't siyang masama sa kaniyang mga lakad ay mabubual na bigla.
- 19 Siyang bumubukid ng kaniyang lupain ay magkakaroon ng saganang tinapay:  
Nguni't siyang sumusunod sa mga walang kabuluhang tawo ay madudukhang mainam.
- 20 Ang tapat na tawo ay malilibot ng pagpapala:  
Nguni't siyang nagmamadali sa pagyaman ay walang pagsalang parurusahan.
- 21 Magkaroon ng pitagan sa mga pagkawatayo ay hindi mabuti:  
At hindi man sasalansang ang tawo dahil sa isang pirasong tinapay.
- 22 Siyang may masamang mata ay nagmamadali ng pagsunod sa kayamanan,  
At hindi nakakaalam, na kasalatan ay darating sa kaniya.
- 23 Siyang sumasaway sa tawo ay makakasumpung, pagkatapos, ng bigit na biyaya.  
Kay sa pumupuri ng dila.
- 24 Ang nagnanakaw sa kaniyang ama o sa kaniyang ina, at nagsasabing:  
Hindi pagsalangsang;  
Yao'y kasama rin ng mangigiba.
- 25 Siyang may sakim na espiritu ay humihila ng pag-aaway:  
Nguni't siyang naglalagak ng kaniyang pag-asa sa PANGINOON ay tataba.
- 26 Siyang umaasa sa kaniyang sariling puso ay mangmang:  
Nguni't ang lumalakad na may katalinuan, maliligtas.
- 27 Siyang nagbibigay sa dukha ay hindi masasalat:  
Nguni't siyang nagkukubli ng kaniyang mga mata ay magkakaroon ng maraming sumpa.
- 28 Pagka ang masama ay bumabangon, nagkukubli ang mga tawo:  
Nguni't pagka sila'y namamatay, dumadami ang banal.
- 29 Ang madalas na masaway na nagpapatigas ng kaniyang leeg,  
Biglang mababali at walang kagamutan.
- 2 Pagka ang banal ay dumadami, ang bayan ay nagagalak:  
Nguni't pagka ang masama ay nagpupuno, ang bayan ay nagbubuntong hininga.
- 3 Ang umiibig ng karnunungan ay nagpapagalak ng kaniyang ama:  
Nguni't ang nakikisama sa mga dalahira ay sumisira ng kaniyang pag-aari.
- 4 Ang hari ay nagtatatag ng lupain sa pamamag-itan ng kahatulan:  
Nguni't ang humihingi ng suhol ay gumigiba.
- 5 Ang tawo na pumupuri sa kaniyang kapua  
Naglalagay ng bitag para sa kaniyang mga hakbang.
- 6 Sa pagsalangsang ng masamang tawo ay may silo:  
Nguni't ang banal ay umaawit at nagagalak.

- 7 Ang banal ay kumukuhang alam sa bagay ng dukha:  
Ang masama ay walang kaalamang makaalam.
- 8 Ang mga manunuyang tawo ay naglalagay ng ciudad sa liab:  
Nguni't ang mga pantas na tawo ay nag-aalis ng pag-iinit.
- 9 Kung ang pantas ay magkaroon ng pakikipagkaalit sa isang mangmang, Magalit man o tumawa, ang mangmang ay hindi magkakaroon ng kapa-hingahan.
- 10 Ang mangbububo ng dugo ay napo-poot sa sakdal:  
At tungkol sa matuid, hinahanap nila ang kaniyang buhay.
- 11 Inihihinga ng mangmang ang boong galit niya:  
Nguni't ang pantas ay nagpipigil at tumitiwasay.
- 12 Kung ang puno ay nakikinig sa kabu-laanan,  
Lahat niyang alipin ay masama.
- 13 Ang dukha at ang mamimighati ay nagsasalubong:  
Pinapagniningas ng PANGINOON ang mga mata nila kapua.
- 14 Ang hari na humahatol na tapat sa dukha,  
Ang kaniyang loklokan ay matatatag magpakailan man.
- 15 Ang pamalo at saway ay nagbibigay karunungan:  
Nguni't ang batang binayaan ay humihiya sa kaniyang ina.
- 16 Pagka ang masama ay dumadami, pagsalangsang ay dumadami:  
Nguni't titingnan ng banal ang kani-lang pagkabual.
- 17 Sawayin mo ang iyong anak, at bibigyan ka niya ng kapahingahan, Oo, bibigyan niya ng kaaliwan ang iyong kalulua.
- 18 Kung saan walang malikmata, ang bayan ay nananabog:  
Nguni't siyang nag-iingat ng kautusan ay maginhawa siya.
- 19 Ang alipin ay hindi masasaway ng mga salita:  
Sapagka't бага man nalalaman niya ay hindi siya makikinig.
- 20 ¿Nakikita mo ba ang tawo, na nag-mamadali sa kaniyang mga salita?  
May pag-asa pa ang mangmang kay sa kaniya.
- 21 Siyang maingat na nagpalaki ng kani-yang alipin mula sa pagkabata, Magiging anak siya niya sa kawakasan.
- 22 Ang tawong magagalitin ay humihila ng pagtatalo,  
At ang mainiting tawo ay mananagana sa pagsalangsang.
- 23 Ang kapalaluan ng tawo ay mag-bababa sa kaniya:  
Nguni't ang may mababang espiritu ay magtatamo ng karangalan.
- 24 Ang nakikihati sa isang magnanakaw ay napo-poot sa kaniyang sariling kalulua:  
Ang nakakarinig ng sumpa at hindi kumikibo.
- 25 Ang takot sa tawo ay nagdadala ng silo:  
Nguni't ang naglalagak ng kaniyang pag-asa sa PANGINOON ay maliligtas.
- 26 Marami ang humahanap ng biyaya ng puno:  
Nguni't ang kahatulan ng tawo ay nagmunula sa PANGINOON.
- 27 Ang di tapat na tawo ay kasuklam-suklam sa banal:  
At ang matuid sa lakad ay kasuklam-suklam sa masama.
- 30** Ang mga salita ni Agur na anak ni Jake; ang pagsugo.
- Sinabi ng lalaki kay Itiel, kay Itiel at kay Ukal:
- 1 Tunay na ako'y hangal kay sa kanino man,  
At walang kaalaman ng tawo,
- 2 At hindi ako nag-aral ng karunungan, O mairon man ako ng kaalaman ng Santo.
- 3 ¿Sino ang sumampa sa langit at buma-ba?  
¿Sino ang pumisan ng hangin sa kani-yang mga dakot?  
¿Sinong nagtali ng mga tubig sa kani-yang kasuotan?  
¿Sinong nagtatag ng lahat ng wakas ng lupa?  
¿Ano ang kaniyang pangalan, at ano ang pangalan ng kaniyang anak, kung iyong nalalaman?
- 4 Bawa't salita ng Dios ay dalisay:  
Siya'y kalasag sa kanila, na umasa sa kaniya.

- 6 Huag kang magdagdag sa kaniyang salita,  
Baka kaniyang sawayin ka, at masunduan kang sinungaling.
- 7 Dalawang bagay ang itinanong ko sa iyo;  
Huag mong ipagkait sa akin bago ako mamatay:
- 8 Ilayo mo sa akin ang walang kabuluhan at ang kasinungalingan:  
Haug mo akong bigyan ng kahi't karalitaan o kayamanan man;  
Pakanin mo ako ng pagkain na kailangan sa akin:
- 9 Baka ako'y mabusog at magkaila sa iyo, at magsabing:  
Sino ang PANGINOON?  
O baka ako'y maging dukha, at magnakaw ako,  
At gumamit ng pagdumi ng pangalan ng aking Dios.
- 10 Huag mong siraang puri ang alipin sa kaniyang PANGINOON,  
Baka ikaw ay sumpain niya, at ikaw ay maging salarin.
- 11 May lahi na sumusumpa sa kanilang ama,  
At hindi pinagpapala ang kanilang ina.
- 12 May lahi na malinis sa kanilang saring mga mata,  
At gayon man ay hindi hugas sa kanilang karumihan.
- 13 May lahi; Oh pagka mapagmataas ng kanilang mga mata!  
At ang kanilang mga talukap-mata ay nangakataas.
- 14 May lahi na ang mga ngipin ay parang mga tabak, at ang kanilang mga bagang ay parang mga sundang.  
Upang lamunin ang dukha mula sa lupa, at ang mapagkailangan sa gitna ng mga tawo.
- 15 Ang linta ay may dalawang anak, na *sumisigaw*: Bigyan mo ako, bigyan mo ako.  
May tatlong bagay na kailan man ay hindi nabubusog,  
Oo, apat na hindi nagsasabing: Siya na:
- 16 Ang libingan; at ang baog na bahaybata;  
Ang lupa na hindi na napapatirang uhaw ng tubig;
- At ang apoy na hindi nagsasabing: Siya na.
- 17 Ang mata na tumutuya sa kaniyang ama,  
At muwawalang kabuluhan ng pagsunod sa kaniyang ina,  
Tutukain ng mga owak sa libis,  
At kakanin ng mga inakay na agnila.
- 18 May tatlong bagay na totoong kagilagilalas sa akin,  
Oo apat na hindi ko nalalaman:
- 19 Ang lipad ng agnila sa hangin;  
Ang usad ng alias sa bato;  
Ang lutang ng sasakyan sa gitna ng dagat;  
At ang lakad ng lalaki na kasama ng isang dalaga.
- 20 Gayon ang lakad ng mangangalunyang babaye;  
Siya'y kumakain, at nagpapahid ng kaniyang bibig,  
At nagsasabing: Hindi ako gumawa ng kasam-an.
- 21 Sa tatlong bagay ay nanginginig ang lupa,  
At sa apat na hindi niya madala:
- 22 Sa isang alipin, pagka naghahari;  
At sa isang mangmang, pagka nabubusog ng pagkain;
- 23 Sa isang babayeng kinapootan, pagka nag-aasawa;  
At sa isang aliping babaye, pagka nagmamana sa kaniyang panginoong babaye.
- 24 May apat na bagay na maliit sa lupa, Nguni't mga pantas na mainam:
- 25 Ang mga langam ay bayang hindi matibay,  
Gayon ma'y nag-iimbak ng kanilang pagkain sa tag-init;
- 26 Ang mga daman ay isang bayang mahina,  
Gayon ma'y gumagawa sila ng kanilang mga bahay sa mga burol;
- 27 Ang mga balang ay walang hari,  
Gayon ma'y lumalabas silang lahat na mga pulutong;
- 28 Ang butiki ay tumatanganan ng kaniyang mga kamay,  
Gayon ma'y nasa mga palacio ng mga hari siya.

- 29 May tatlong bagay na maganda sa kanilang lakad,  
Oo apat na maganda sa lakad:
- 30 Ang leon na pinakamakapangyarihan sa mga hayop,  
At hindi humihiwalay ng dahil sa kanino man;
- 31 Ang kabayong pangbaka; ang kambing na lalaki rin naman;  
At ang hari na hindi malalabanau.
- 32 Kung ikaw ay gumawang may kamangmangan sa iyong pagmamataas,  
O kung ikaw ay umisip ng kasam-an, *Ilagay mo ang iyong kamay sa iyong bibig.*
- 33 Sapagka't sa paggamit ng kalakasan sa gatas ay naglalabas ng mantikilla. At sa pagsungaling sa ilong ay lumalabas ang dugo:  
Gayon sa kalakasan ng init ay naglalabas ng pagtatalo.
- 31 Ang mga salita ng haring Lemuel;  
ang pagsugo na itinuro sa kaniya ng kaniyang ina.
- 1 2 Ano anak ko? at ano, Oh anak ng aking bahay-bata?  
at ano, Oh anak ng aking mga panata?
- 3 Huag mong ibigay ang iyong kalakasan sa mga babaye,  
O ang iyo mang mga lakad sa lumilipol ng mga hari
- 4 Hindi sa mga hari, Oh Lemuel, hindi sa mga hari ang uminom ng alak;  
O sa mga pangulo man, *na magsabing*:  
at Saan nandoon ang matapang na alak?
- 5 Baka sila'y uminom, at makalimot ng kautusan,  
At pumahamak ng kahatulan sa sino mang napipighati.
- 6 Bigyan mo ng matapang na inumin siya na naghihinalo,  
At alak ang mapait sa kalulua:
- 7 Siya'y uminom, at limutin ang kaniyang karalitaan,  
At huag ng alalahanin pa ang kaniyang karalitaan.
- 8 Bukhin mo ang iyong bibig sa pipi,  
Sa bagay ng lahat na naiwang walang kandili.
- 9 Bukhin mo ang iyong bibig, humatol ka ng kabanalan,  
At mamahala ka ng kahatulan sa dukha at mapagkailangan.
- 10 Isang mabait na babaye, sinong makakasumpong?  
Sapagka't ang kaniyang balaga ay higit na makapupo kay sa mga rubi.
- 11 Ang puso ng kaniyang asawa ay nalalagak sa kaniya,  
At siya'y hindi magkakaroon ng pangangailangan ng pakinabang.
- 12 Gumagawa siya ng mabuti sa kaniya at hindi kasam-an  
Lahat ng kaarawan ng kaniyang buhay.
- 13 Siya'y humahanap ng balahibo ng tupa at kayong puti,  
At gumagawang kusa ng kaniyang mga kamay.
- 14 Siya'y gaya ng mga sasakyang-dagat ng kalakal;  
Nagdadala siya ng kaniyang pagkain mula sa malayo.
- 15 Siya'y nagbabangon naman samantalang gabi pa,  
At nagbibigay ng pagkain sa kaniyang kasambahay,  
At ang kanilang gagawin sa kaniyang mga alilang babaye.
- 16 Kaniyang minamasdan ang bukid at binibili:  
Sa pamamagitan ng bunga ng kaniyang kamay ay nagtatanim siya ng uvasan.
- 17 Binibigkisan niya ang kaniyang mga balakang ng kalakasan,  
At nagpapalakas ng kaniyang mga kamay.
- 18 Kaniyang namamalas, na ang kaniyang kalakal ay makikinabang:  
Ang kaniyang ilawan ay hindi namamatay sa gabi.
- 19 Kaniyang itinangan ang kaniyang mga kamay sa rucka,  
At ang kaniyang mga kamay ay humahawak ng buso.
- 20 Inilaladlad niya ang kaniyang kamay sa dukha:  
Oo, iniaabot niya ang kaniyang mga kamay sa mapagkailangan.
- 21 Hindi niya ikinatatakot ang kaniyang kasambahay sa nieve;  
Sapagka't ang lahat niyang kasambahay ay nakapanamit ng morado.
- 22 Gumagawa siya para sa kaniya ng mga unang may burda;  
Ang kaniyang pananami ay pinong kayong puti at morado.

- 23 Ang kaniyang asawa ay kilala sa mga pintuang-daan,  
Pagka siya'y umuupo sa kasamahan ng mga matanda sa lupain.
- 24 Gumagawa siya ng mga kasuotang kayong puti at mga ipinagbibili;  
At nagbibigay ng mga panigkis sa mangangalakal.
- 25 Kalakasan at kamahalan ay siyang kaniyang suot;  
At kaniyang tinatawanan ang panahong darating.
- 26 Binubuka niya ang kaniyang bibig na may karunungan;  
At ang kautusan ng kagandahang loob ay nasa kaniyang dila.
- 27 Kaniyang tinitingnang mabuti ang mga lakad ng kaniyang kasambahay,  
At hindi kamakain ng tinayay ng katamaran.
- 28 Bumabangon ang kaniyang mga anak at tinatawag siyang mapalad;  
*Giyon din* ang kaniyang asawa, at pinupuri siya niya, *na sinasabing*:
- 29 Maraming mga anak na babaye ay gumawang may kabaitan,  
Ngunit ikaw, humihigit sa kanilang lahat.
- 30 Ang kaloob ay magdaraya, at kagandahan ay walang kabuluhan;  
*Ngunit* ang babaye na natatakot sa PANGINOON, pupurihin.
- 31 Bigyan ninyo siya ng bunga ng kaniyang mga kamay;  
At purihin siya ng kaniyang mga gawa sa mga pintuang-daan.

## ANG

## LIBRO NG ECLESIASTES

## O, NG MANGANGARAL.

- 1 Ang mga salita ng Mangangaral, na anak ni David, na hari sa Jerusalem.
- 2 Kawalang kabuluhan ng mga kawalang kabuluhan, sabi ng Mangangaral; kawalang kabuluhan ng mga kawalan ng kabuluhan, lahat ay kawalang kabuluhan.
- 3 ; Anong pakinabang mairoon ang tawo sa lahat ng kaniyang gawa, na kaniyang iginawa sa ilalim ng araw? 4 Isang lahi ay yumayaon, at isang lahi ay dumarating; at ang lupa ay tumatahan magpakailan man. 5 Ang araw naman ay sumisikat, at ang araw ay lumulubog, at nagmamadali sa kaniyang lugar na kaniyang sinisikatan. 6 Ang hangin ay yumayaon sa dakong timugan, at lumiligid sa hilagaan; laging pumipihit sa kaniyang lakad, at ang hangin ay pumipihit uli sa kaniyang mga ligid. 7 Lahat na ilog ay tumatakbo sa dagat, gayon ma'y hindi napupuno ang dagat; sa lugar na tinatakbuhan ng mga ilog, doon mga yayaon uli. 8 Lahat ng bagay ay puspos ng kapaguran; hindi maisasaysay ng tawo: ang mata ay hindi nakakasihahan ng pagti-
- ngin, o ang pakinig man ng pakikinig.
- 9 Yaong nangyari ay mangyayari; at yaong nagawa ay magagawa: at walang bagong bagay sa ilalim ng araw. 10 ; May bagay ba na masasabi ang mga tawo: Tingnan mo, ito ba'y bago? nayari nga sa mga panahon na una sa atin. 11 Walang alaala sa mga dating lahi; at hindi man magkakaroon ng alaala sa mga huling lahi na darating, sa mga yaon na darating pagkatapos.
- 12 Akong Mangangaral ay naging hari ng Israel sa Jerusalem. 13 At inihilig ko ang aking puso na humanap at sumiyasat sa pamamagitan ng karunungan tungkol sa lahat na nagawa sa ilalim ng langit; mahirap na paglalakbay nga ang ibinigay ng Dios sa mga anak ng mga tawo, upang pagsanayan. 14 Aking nakita ang lahat na gawa, na nagawa sa ilalim ng araw; at, narito, lahat ay kawalang kabuluhan at pagsunod sa hangin. 15 Ang baluktot ay hindi matutuid: at ang kulang ay hindi mabibilang. 16 Ako'y sumanguni sa aking sariling

puso, na sinabi kong: Narito, nagtamo ako sa akin ng malaking karunungan ng higit kay sa lahat na nauna sa akin sa Jerusalem: oo, ang puso ko'y nagkaroon ng malaking kabihahasan ng karunungan at katalinuhan. 17 At inihilig ko ang aking puso na matuto ng karunungan, at matuto ng kaululan at ng kamangmangan: aking namalas na ito ay pagsunod din sa hangin. 18 Sapagka't sa maraming karunungan ay maraming kapanlawan: at ang lumalago sa katalinuhan ay lumalago sa kapanlawan.

2 Aking sinabi sa aking puso: Ikaw ay yumaon ngayon, titikman kita ng kasayahan; kaya't magalak ka ng kasayahan: at, narito, ito'y kawalang kabuluhan din. 2 Aking sinabi tungkol sa katawanan: Ulol: at sa kasayahang: Anong ginagawa nito? 3 Aking ginunita sa aking puso na kung paanong masasayahan ang aking laman sa pamamagitan ng alak, pinapatnubayan pa ang aking puso ng karunungan, at kung paanong habawak sa kamangmangan, hangang sa aking makita kung ano ang mabuti sa mga anak ng mga tawo na marapat nilang gawin sa ilalim ng langit sa lahat ng araw ng kanilang buhay. 4 Gumawa ako para sa akin ng mga malaking gawa; nagtayo ako para sa akin ng mga bahay; nagtanim ako para sa akin ng mga uvasan; 5 gumawa ako para sa akin ng mga halamanan at mga gubat, at aking mga tinamanan ng mga puno ng kahoy na sarisaring bunga: 6 gumawa ako para sa akin ng mga tipunan ng tubig, upang dumilig ng gubat na pagtatamnan ng mga puno ng kahoy: 7 ako'y bumili ng mga aliping lalaki at babaye, at nagkaroon ako ng mga aliping ipinanganak sa aking bahay; nagkaroon naman ako ng mga malaking pag-aari na mga bakahan at mga kawan, ng higit kay sa lahat na nauna sa akin sa Jerusalem: 8 nagtipon naman ako paar sa akin ng pilak at ginto, at ng tanging kayamanan ng mga hari at ng mga lalawigan: nagtangkilik ako sa akin ng mga lalaking mang-aawit at mga babayeng mang-aawit, at ng mga kaaliwan ng mga anak ng mga tawo, mga babaye ay totoong marami. 9 Sa gayo'y naging malaki' ako, at lumago ako ng higit kay sa lahat na nauna sa akin sa Jerusalem: ang aking namang karunungan ay namamalagi sa akin. 10 At ano mang ninasa ng aking mga mata ay hindi ko mga ipinagkait:

hindi ko pinigil ang aking puso sa ano mang kagalakan, sapagka't nagagalak ang aking puso dahil sa lahat kong gagawin; at ito ang aking bahagi sa lahat kong gagawin. 11 Ng magkagayo'y minasdan ko ang lahat na gawa, na ginawa ng aking mga kamay, at ang gagawin na aking pinagnasaang yariin: at, narito, lahat ay kawalang kabuluhan, at pagsunod sa hangin, at walang pakinabang sa ilalim ng araw. 12 At ako'y pumihit upang masdan ang karunungan, at ang kaululan at ang kamangmangan: sapagka't ano ang magagawa ng tawo na sumusunod sa hari?, ang nagawa na. 13 Ng magkagayo'y aking nakita, na ang karunungan ay humihigit sa kamangmangan, na gaya ng liwanag na humihigit sa kadiliman. 14 Ang mga mata ng pantas ay nasa kaniyang ulo, at ang mangmang ay lumalakad sa kadiliman: at gayon ma'y aking namalas na isang pangyayari ang nangyari sa kanilang lahat. 15 Ng magkagayo'y sinabi ko sa aking puso: Kung ano ang nangyari sa mangmang gayon ang mangyayari sa akin; at bakit pa nga ako naging lalong pantas? Ng magkagayo'y sinabi ko sa aking puso, na ito man ay kawalang kabuluhan. 16 Sapagka't sa pantas gayon din sa mangmang, walang alaala magpakailan man; sa paraang sa mga araw na darating ay malilimutang lahat na. At kung paanong ang pantas ay namamatay ay gayon ang mangmang! 17 Sa gayo'y kinapootan ko ang buhay; sapagka't ang gawa na yari sa ilalim ng araw ay mapanlaw sa akin: sapagka't lahat ay kawalang kabuluhan at pagsunod sa hangin.

18 At kinapootan ko ang lahat kong gawa na aking ginawa sa ilalim ng araw: sa paraan na marapat kong iwan sa tawo na susunod sa akin. 19 At sinong nakakaalam kung siya'y magiging isang pantas o isang mangmang?, gayon ma'y magpupuno siya sa lahat ng aking gawa, na aking ginawa, at sa aking pinagpakitaan ng karunungan sa ilalim ng araw. Ito man ay kawalang kabuluhan. 20 Kaya't ako'y nagbalik upang aking alisan ng pag-asa ang aking puso tungkol sa lahat ng gawa na aking ginawa sa ilalim ng araw. 21 Sapagka't may tawo, na ang gawa ay sa pamamagitan ng karunungan, at ng kaalaman at ng katalinuhan; gayon ma'y sa tawo na hindi gumawa noon ay iiwan niya na pinakabahagi noon. Ito man ay kawalang kabuluhan, at malaking

kasam-an. **22** Sapagka't ano ang tinalamo ng tawo sa lahat niyang gawa, at sa nais ng kaniyang puso na kaniyang iginawa sa ilalim ng araw? **23** Sapagka't lahat niyang mga araw ay mga kapanlawan lamang, at ang kaniyang pagdarandom ay sakit; oo, pati sa gabi ay hindi nagpapahinga ang kaniyang puso. Ito man ay kawalang kabuluhan.

**24** Walang maigi sa tawo kungdi ang kumain at uminom, at pagalaking mabuti ang kaniyang kalulua sa kaniyang gawa. Ito man ay aking nakita na mula sa kamay ng Dios. **25** Sapagka't sinong makakakain, o sinong makalalayaw ng higit kay sa akin? **26** Sapagka't ang tawo na kinaluluguran niya, binibigyan ng Dios ng karunungan, at katalinuan, at kagalakan: ngunit ang makasalanan ay binibigyan niya ng sakit, upang pisanin at buntunin, upang maibigay sa kaniya na kinaluluguran ng Dios. Ito man ay kawalang kabuluhan, at pagsunod sa hangin.

**3** Sa bawa't bagay ay may kapanahunan, at panahon sa bawa't akala sa ilalim ng langit: **2** panahon ng kapananahan, at panahon ng kamatayan; panahon ng pagtatanim, at panahon ng pagbunot ng itinanim; **3** panahon ng pagpatay, at panahon ng paggamot; panahon ng paggiba, at panahon ng pagtatayo; **4** panahon ng pag-iyak, at panahon ng pagtawag; panahon ng pagtangis at panahon ng pagsayaw; **5** panahon ng paghahagis ng mga bato, at panahon ng pagpipisan ng mga bato; panahon ng pagpyakap, at panahon ng pagtakuil sa pagyakap; **6** panahon ng paghanap, at panahon ng pagkawala; panahon ng pag-iingat, at panahon ng paghahagis; **7** panahon ng pagpunit, at panahon ng pananahi; panahon ng pagtahimik at panahon ng pagsasalita; **8** panahon ng pag-ibig, at panahon ng pagkapoot; panahon ng pagbabaka, at panahon ng kapayapaan. **9** Anong pakinabang ang tinatamo niya, na gumagawa sa kaniyang ginagawa? **10** Aking nakita ang sakit na ibinigay ng Dios sa mga anak ng mga tawo upang pagsanayan. **11** Ginawa niya ang bawa't bagay na maganda sa kapanahunan noon: inilagay naman niya ang saulibntan sa kanilang puso, na ano pa't hindi matalos ng tawo ang gawa na ginawa ng Dios mula sa pasimula hanggang sa wakas. **12** Aking nakilala, na walang maigi sa kanila, kay sa magalak,

at gumawa ng mabuti habang sila'y nabubuhay. **13** At ang bawa't tawo naman ay marapat kumain at uminom, at magalak sa kabutihan sa lahat niyang gawa, siyang kaloob ng Dios. **14** Talastas ko, na ano mang ginagawa ng Dios, magiging magpakailan pa man: walang bagay na maidadagdag, o ano mang bagay na maaalis: at ginawa ng Dios, upang ang tawo ay matakot sa harap niya. **15** Ang nayayari at ang mayayari pa ay nayari na: at hinahanap uli ng Dios ang nakaraan na.

**16** At bukod dito'y aking nakita sa ilalim ng araw, sa lugar ng kahatulan, na nandoon ang kasam-an; at sa lugar ng kabanalan, na nandoon ang kasam-an. **17** Sinabi ko sa aking pusong: Habatulan ng Dios ang banal at ang masama: sapagka't may panahon doon sa bawa't akala at sa bawa't gawa. **18** Sinabi ko sa aking puso: Ay dahil sa mga anak ng mga tawo, upang subukin sila ng Dios, at upang kanilang makita na sila'y mga hayop lamang. **19** Sapagka't ang nangyayari sa mga anak ng tawo ay nangyayari sa mga hayop; isang bagay ang nangyayari sa kanila: kung paanong namamatay ang hayop, gayon namamatay ang tawo; oo, silang lahat ay may isang karangalang higit sa hayop: sapagka't lahat ay kawalang kabuluhan. **20** Lahat ay yumayao sa isang lugar; lahat ay sa alabok, at lahat ay bumabalik sa alabok uli. **21** Sinong nakakaalam ng espiritu ng tawo kung napaiitaa, at ng espiritu ng hayop kung napaiibaba sa lupa? **22** Kaya't aking nakita, na walang bagay na maigi, kungdi ang tawo ay magalak sa kaniyang mga gawa; sapagka't siyang kaniyang bahagi: sapagka't sinong magpapabalik sa kaniya upang makita ang mangyayari pagkamatay niya?

**4** Ng magkagayo'y pumihit ako, at aking nakita ang lahat na kapighatian na nagawa sa ilalim ng araw: at, narito, ang mga luha ng mga yaon, na napipighati, at wala silang mang-aaliw; at sa siping ng mga mamimighati sa kanila ay may kapangyarihan, ngunit wala silang mang-aaliw. **2** Kaya't aking pinuri ang patay na namatay na, kay sa may bulhay, na nabubuhay pa; **3** oo, maigi kay sa kanila kapua ang hindi ipinanganganak, na hindi nakakita ng masamang gawa na nagawa sa ilalim ng araw.

**4** Ng magkagayo'y nakita ko ang lahat



na gawa at bawát gawang katalinuan, na dahil dito ay pinananaghilian ang lalaki ng kaniyang kapua. Ito man ay kawalang kabuluhan, at pagsunod sa hangin. 5 Iniháhalukipkip ng mangmang ang kaniyang mga kamay, at kumakain ng kaniyang sariling laman. 6 Maigi ang isang dakot na may katahimikan, kay sa dalawang dakot na may gawa at pagsunod sa hangin.

7 Ng magkagayo'y nagbalik ako at aking nakita ang kawalang kabuluhan sa ilalim ng araw. 8 May isa na nag-iisa, at siya'y walang pangalawa; oo, siya'y walang anak o kapatid man; gayon ma'y walang wakas sa lahat niyang gawa, o nasisiyahan man ang kaniyang mga mata sa mga kayamanan. 9 Dahil kanino nga, *sabi niya*, nagpapagal ako, at babawahan ko ang aking kalulua sa mabuti? Ito man ay kawalang kabuluhan, oo, mahirap na damdam. 9 Dalawa ay maigi kay sa isa; sapagka't sila'y may mabuting kagantihan sa kanilang gawa. 10 Sapagka't kung sila'y mabuta, ibabangon ng isa ang kaniyang kasama: ngunit sa aba niya, na nag-iisa pagka siya'y nabual, at walang iba na magbangon sa kaniya. 11 Muli, kung ang dalawa ay mahigang magkasama, may init nga sila: 12 ngunit pa-anong makapagpapainit ang isa na mag-isa? 12 At kung ang isang tawo ay manaig laban sa kaniya na nag-iisa, ang dalawa ay makalalaban sa kaniya; at ang panaling tatlong ikid ay hindi napapatid na madali.

13 Maigi ang dukha at pantas na bata kay sa matanda at mangmang na hari, na hindi na nakakaalam ng pagtanggap ng payo pa. 14 Sapagka't mula sa bilangguan ay lumabas yaon upang maghari; oo, sa kaniyang kaharian ay ipinanganak siyang dukha. 15 Aking nakita ang lahat na may buhay, na lumalakad sa ilalim ng araw, na sila'y kasama ng bata, ng ikalawa, na tumatayo na kahallili niya. 16 Walang wakas sa lahat ng bayan, sa lahat na kinasasakupan niya: gayon ma'y silang darating pagkatapos ay hindi magagalak sa kaniya. Tunay na ito man ay kawalang kabuluhan, at pagsunod sa hangin.

5 Iningatan mo ang iyong paa pagka ikaw ay napasa sa bahay ng Dios; sapagka't ang paglapit upang makinig ay maigi kay sa magbigay ng alay ng mga mangmang: sapagka't hindi nila nalalaman na sila'y gumagawa ng kasam-an. 2 Huag

kang mangahas ng iyong bibig at huag magmadali ang iyong puso na magsalita ng ano mang bagay sa harap ng Dios; sapagka't ang Dios ay nasa langit, at ikaw ay nasa lupa: kaya't pakaontiin mo ang iyong mga salita. 3 Sapagka't ang panaginip ay dumarating sa karamihan ng kalakal; at ang voces ng mangmang sa karamihan ng mga salita. 4 Pagka ikaw ay nananata ng panata sa Dios, huag kang magliban ng pagtupad; sapagka't siya'y walang kaligayahan sa mga mangmang; tuparin mo ang iyong ipinanata. 5 Maigi nga ang ikaw ay huag manata, kay sa ikaw ay manata at huag tumupad. 6 Huag tiisin ng iyong bibig, na magkasala ang iyong laman; at huag ka mang magsabi sa harap ng angel, na isang kamalian: 7 bakit nga magagalit ang Dios sa iyong voces, at gigibain ang gawa ng iyong mga kamay? 7 Sapagka't ganilo ang nangyayari sa karamihan ng mga panaginip at ng mga kawalang kabuluhan, at ng karamihan ng mga salita: ngunit matakot ka sa Dios.

8 Kung iyong nakikita ang kapighatian ng dukha, at ang karahasang pag-aalis ng kabatulan at hatol sa isang lalawigan, huag mong kamanghaan ang bagay: sapagka't ang lalong mataas kay sa mataas ay bumabantay; at may lalong mataas kay sa kanila. 9 Bukod dito, ay sa lahat ang bunga ng lupa: ang hari ay naglilingkod sa bukid.

10 Siyang umiibig ng pilak ay hindi makakasiyahan sa pilak; o siya mang umiibig ng kasaganaan ng pakinabang: ito man ay kawalang kabuluhan. 11 Pagka ang mga pag-aari ay dumadami, dumadami silang kumakain ng mga yaon: at 12 anong pakinabang mairoon ang may-ari noon, kungdi ang mamasdan ng kaniyang mga mata? 12 Ang tulog ng mangagawang tawo ay mahimbing, maging siya'y kumain na kaonti o merami: ngunit ang kapunuan ng yaman ay hindi magpapatulog sa kaniya.

13 May magbigat na kasam-an na aking nakita sa ilalim ng araw, *ito nga*, ang mga yamang iniingatan ng may-ari noon sa kapahamakan niya: 14 at ang mga yamang yaon ay nawawala ng masamang pangyayari; at kung siya'y magkaanak ng lalaki, walang maiwan sa kaniyang kamay. 15 Kung paanong siya'y lumabas sa bahay-bata ng kaniyang ina, hubad na yayaon siya uli na gaya ng siya'y dumating, at hindi magdadala ng ano man sa kaniyang nagawa, na kaniyang

madadala sa kaniyang kamay. **16** At ito man ay mabigat na kasam-an, na kung paano siya dumating ay gayon siya yayan: at anong pakinabang mairoon siya, na gumagawa para sa hangin? **17** Lahat ng araw naman niya ay ikinakain niya sa kadiliman, at siya'y totoong nayayamot, at may sakit at pag-iinit.

**18** Narito, na aking nakita na mabuti at ukol sa isa ang kumain at uminom, at magalak sa kabutihan sa lahat niyang gawa na kaniyang iginawa sa ilalim ng araw, lahat ng kaarawan ng kaniyang buhay na ibinigay sa kaniya ng Dios: sapagka't ito'y kaniyang bahagi. **19** Gayon din sa bawa't tawo na binigyan ng Dios ng mga kayamanan at mga pag-aari, at binigyan ng kapangyarihan na kumain noon, at kumuha ng kaniyang bahagi, at magalak sa kaniyang gawa; ito'y kaloob ng Dios. **20** Sapagka't hindi niya aalalahaning lubha ang mga araw ng kaniyang buhay; sapagka't sinasagot siya ng Dios sa kagalakan ng kaniyang puso.

**6** May kasam-an na nakita ako sa ilalim ng araw, at mabigat sa mga tawo: **2** ang lalaki na binibigyan ng Dios ng mga kayamanan, pag-aari, at karangalan, na ano pa't walang kulang sa kaniyang kalulua sa lahat niyang ninana, gayon ma'y hindi binibigyan siya ng Dios ng kapangyarihan na kumain noon, kungdi taga ibang lupa ang kumakain noon; ito'y kawalang kabuluhan, at masamang sakit. **3** Kung ang isang tawo ay magkaanak ng isang daan at mabuhay na maraming taon, na ano pa't ang mga araw ng kaniyang mga taon ay dumami, nguni't ang kaniyang kalulua ay hindi mabusog ng mabuti, at bukod dito ay wala siyang libingan; aking sinasabing maigi ang isang naagas kay sa kaniya: **4** sapagka't dumaratang na walang kabuluhan, at yumayaon sa kadiliman, at ang pangalan noon ay natatapan ng kadiliman; **5** bukod dito ay hindi nakita ang araw o nakilala man; ito'y may kapahingahang maigi kay sa isa; **6** oo, baga man siya'y mabuhay na isang libong taon na makalawang masasay, at hindi man nalak na mabuti: **7** hindi ba yumayaon ang lahat sa isang lugar? **7** Lahat ng gawa ng tawo ay para sa kaniyang bibig, at gayon ma'y ang pag-lasa hindi nasisiyahan. **8** **8** Sapagka't anong pakinabang mairoon ang pantas na higit sa mangmang? **9** anong pakinabang mairoon ang dukha na maalum lumakad sa harap ng may buhay?

**9** Maigi ang pangingin ng mga mata kay sa gala ng nasa: ito man ay kawalan ng kabuluhan, at pagsunod sa hangin.

**10** Ano mang nangyari, ang pangalan noon ay natawag ng malaon, at kilala na tawo: at hindi man muanring makipagtalo sa lalong makapangyarihan kay sa kaniya. **11** Yamang maraming bagay na nagdadagdag ng kawalang kabuluhan, ano ang igi ng tawo? **12** Sapagka't sinong nakakaalam kung ano ang mabuti sa tawo sa kaniyang buhay, lahat ng araw ng kaniyang walang kabuluhang buhay na kaniyang ginugol na parang lilim? **13** sapagka't sinong makapagsasaysay sa tawo kung ano ang mangyayari pagkamatay niya sa ilalim ng araw?

**7** Ang mabuting pangalan ay maigi kay sa mahalagang unguento; at ang kaarawan ng kamatayan kay sa kaarawan ng kapanganakan. **2** Maigi ang pasa bahay ng tangisan, kay sa bahay ng anyayahan: sapagka't siyang wakas ng lahat ng tawo; at ilalagay ng may buhay sa kaniyang puso. **3** Kapanlawan ay maigi kay sa pagtawa: sapagka't sa kapanlawan ng mukha ay sumasaya ang puso. **4** Ang puso ng pantas ay nasa bahay ng tangisan; nguni't ang puso ng mangmang ay nasa bahay ng kasayahan. **5** Maigi ang makinig ng saway ng pantas kay sa isang tawo'y makinig ng awit ng mga mangmang. **6** Sapagka't kung paano ang lagitik ng mga tinik sa ilalim ng paliok, gayon ang tawa ng mangmang: ito ma'y kawalang kabuluhan. **7** Tunay na nagpapamangmang sa pantas ang pag-api; at ang kaloob ay sumisira ng kaalaman. **8** Maigi ang wakas ng isang bagay kay sa pasimula noon: at ang matiisin sa espiritu ay maigi kay sa palalo sa espiritu. **9** Huag kang magmadali sa iyong espiritu na magalit: sapagka't ang pagkagalit ay nagpapahinga sa sinapupunan ng mga mangmang. **10** Huag mong sabihing: **11** Ano ang kadahilanan, na ang mga unang araw ay maigi kay sa mga ito? sapagka't hindi ka nag-uusisang may katalinuan tungkol dito. **11** Karunungan ay mabuting gaya ng mana: oo, lalong marilag para sa kanila na nakakakita ng araw. **12** Sapagka't ang karunungan ay sangalang, gaya ng salapi na sangalang: nguni't ang karangalan ng kaalaman ay iniingat ng karunungan, ang buhay niya na nagtatankilik noon. **13** Gunitain mo ang gawa ng Dios: **14** sapagka't sinong makapagtutuid ng

binaluktot niya? **14** Sa kaarawan ng kaginhawahan ay magalak ka, at sa kaarawan ng kapighatian ay gumunita ka: ginawa ng Dios ang isa, sa siping ng isa, sa wakas na ang tawo ay huag makasumpung ng ano mang bagay na mangyayari pagkamatay niya.

**15** Lahat ng ito ay nakita ko sa mga kaarawan ng aking kawalang kabuluhan: may banal na namamatay sa kaniyang kabanalan, at may masama na humahaba ang buhay sa kaniyang masamang gawa.

**16** Huag kang magpakabanal na totooy; at huag ka mang magpakapantas ng higit: bakit ikaw ay magpakamatay?

**17** Huag kang magpakasamang higit, o magpakamangmang man: bakit ikaw ay mamamatay bago dumaling ang iyong kapanahunan? **18** Mabuti na ikaw ay manghawak dito; oo, doon man ay huag mong iurong ang iyong kamay: sapagka't siyang natatakot sa Dios ay lalayo sa lahat na yaon.

**19** Karunungan ay kalakasan sa pantas, na higit kay sa sampuonng puno na nasa ciudad. **20** Tunay na walang banal sa lupa, na gumagawa ng mabuti, at hindi nagkakasala. **21** Huag ka rin namang makinig sa lahat ng salita na nasalita; baka marinig mong sinusumpa ka ng iyong alipin: **22** sapagka't madalas ding nalalaman ng iyong sariling puso, na ikaw ay sumumpa rin sa mga iba.

**23** Lahat ng ito ay tinikman ko sa karunungan: aking sinabing: Ako'y magiging pantas; nguni't malayo sa akin.

**24** Ang nililikha ay malayo at totoong malalim; sinong makaaabot? **25** Ako'y pumihit at inilagak ko ang aking puso na kumilala, at sumiyasat, at humanap ng karunungan at ng kadahilanan ng mga bagay, at kumilala na ang kasam-an ay kamangmangan, at ang kamangmangan ay kaululan: **26** at nakasumpung ako ng bagay na lalong mapait kay sa kamatayan, ng babaye na ang puso ay mga silo at mga bitag, at ang kaniyang mga kamay ay parang mga panali: ang nalulugod sa Dios ay tatakas sa kaniya; nguni't ang makasalanan ay makukuha niya. **27** Narito, ito'y aking nasumpungan, sabi ng Mangangaral, na pinapagiging ibang isang bagay, upang matuntunan ang kadahilanan: **28** na hinahanap pa ng aking kalulua, nguni't hindi ko nasumpungan: isang tawo sa isang libo ang aking nasumpungan; nguni't isang babaye sa lahat ng ito ay hindi ako nakasumpung.

**29** Narito, ito lamang ang aking nasumpungan, na ginawang matuid ng Dios sa tawo; nguni't humanap sila ng maraming katha.

**8** Sino ang gaya ng pantas? at sinong nakakaalam ng katuringan ng isang bagay? Ang karunungan ng tawo ay nagpapasilang ng kaniyang mukha at ang kati-gasan ng kaniyang mukha ay nababago.

**2** Ipinapayo ko sa iyong: Ingatan mo ang utos ng hari, at iya'y dahil sa sumpa ng Dios. **3** Huag kang magmadaling umalis sa kaniyang harap; huag kang mamalagi sa masamang bagay: sapagka't kaniyang ginagawa ang ano mang kaniyang ibigin.

**4** Sapagka't ang salita ng hari ay may kapangyarihan; at sinong maka-pagsasabi sa kaniyang: Anong ginagawa mo? **5** Ang nag-iingat ng utos ay hindi makakaalam ng masamang bagay; at ang puso ng pantas ay nagbubulay ng panahon at kahatulan:

**6** sapagka't sa bawa't akala ay may kapanahunan at kahatulan; sapagka't ang karalitaan ng tawo ay malaki sa kaniya: **7** sapagka't hindi niya nalalaman ang mangyayari; sapagka't sinong makapagsasaysay sa kaniya, kung paano mangyayari?

**8** Walang tawo na may kapangyarihan sa espiritu upang pumigil ng espiritu; at wala man siyang kapangyarihan sa araw ng kamatayan; at walang dabilan sa pakikipagbakang iyan: at hindi man maililigtas ng kasam-an siya, na nabigay doon. **9** Lahat ng ito ay nakita ko, at inihilig ko ang aking puso sa bawa't gawa, na nagawa sa ilalim ng araw: may panahon na ang isa ay may kapangyarihan sa isa sa kaniyang kapabamakan.

**10** At gayon din nakita ko ang masama na nakalibing, at nagsiding sa hukay; at silang gumawa ng matuid ay lumayo sa santong lugar, at nalimutan sa ciudad: ito man ay kawalang kabuluhan. **11** Sapagka't ang hatol laban sa masamang gawa ay hindi ginagawang madali, kaya't ang puso ng mga anak ng mga tawo ay lubos na nalalagak sa paggawa ng kasam-an. **12** Baga man ang makasalanan ay gumawa ng kasam-an na makaisang daan, at humaba ang kaniyang buhay, gayon may tunay, na talastas ko, na yayaong mabuti sa kanila, na natatakot sa Dios, na natatakot sa harap niya: **13** nguni't hindi yayaong mabuti sa masama, o hahaba man ang kaniyang buhay na parang isang anino; sapagka't siya'y hindi natatakot sa harap ng Dios. **14** May kawalang kabuluhan na nangyayari sa lupa; na may mga banal

na kinapapangyarihan ng ayon sa gawa ng masama; muli, may mga masamang tawo na kinapapangyarihan ng ayon sa gawa ng banal: aking sinabi, na ito man ay kawalang kabuluhan. **15** Ng magkagayo'y nagpuri ako ng kasayahan, sapagka't ang tawo ay walang maingibagay sa ilalim ng araw, kungdi ang kumain, at uminom at matua: sapagka't tatahang kasama niya sa kaniyang gawa lahat ng kaarawan ng kaniyang buhay na ibinigay ng Dios sa kaniya sa ilalim ng araw:

**16** Pagka aking ikiniling ang aking puso upang matuto ng karunungan, at upang makakita ng gawa na ginagawa sa lupa: (sapagka't may hindi natutulog ng kahit araw o gabi man ng kaniyang mga mata:)

**17** Ng magkagayo'y minasdan ko ang lahat ng gawa ng Dios, na hindi matalastas ng tawo ang gawa na ginagawa sa ilalim ng araw: sapagka't pagkapagurayng mainam man ng tawo na hanapin, ay hindi rin masusumpungan; oo, bukod dito, бага man isipin ng pantas na malaman, hindi rin niya masusumpungan.

**9** Sapagka't lahat ng ito ay inilagag ko sa aking puso, upang siyasatin ang lahat ng ito; na ang banal, at ang pantas, at ang kanilang mga gawa, ay nangasa kamay ng Dios: maging pag-ibig o pagkapoot, hindi nalalaman ng tawo; lahat ay nasa harap nila. **2** Lahat ng bagay ay dumarating na magkakaparis sa lahat: may isang pangyayari sa banal at sa masama; sa mabuti, at sa malinis, at sa marumi; sa kaniyang naghahayin at sa kaniyang hindi nag-hahayin: kung paano ang mabuti, gayon ang makasalanan; at ang sumusumpa, gaya ng natatakot sa sumpa.

**3** Ito'y isang kasam-an sa lahat na balikha sa ilalim ng araw, na may isang-pangyayari sa lahat: oo, gayon din, ang puso ng mga anak ng mga tawo ay puno ng kasam-an, at kanilulan' ay nasa kanilang puso habang sila'y nabubuhay, at pagkatapos niyaon ay *napatutunõ* sa pagkamatay. **4** Sapagka't sa kaniya, na napsan sa lahat na may buhay ay may pag-asa: sapagka't ang buhay na aso ay maigi kay sa patay na leon. **5** Sapagka't nalalaman ng mga buhay, na sila'y mamamatay: ngunit hindi nalalaman ng patay ang ano mang bagay o mairoon pa man silang kagantihan; sapagka't ang alaala sa kanila ay nalimutan. **6** Maging ang kanilang pag-ibig, gaya ng kanilang pagkapoot at ng kanilang pauanaghili ay nawala ngayon; at wala man silang ano mang

bahagi pa na magpakailan man sa ano mang bagay na nagawa sa ilalim ng araw.

**7** Yumaon ka ng iyong lakad, kumain ka ng iyong tinapay na may kakalakan, at uminom ka ng iyong alak na may masayang puso, sapagka't tinanggap na ng Dios ang iyong mga gawa. **8** Maging maputing lagi ang iyong mga suot; at huag magkulang ng unguento ang iyong ulo.

**9** Ikaw ay mabuhay na masaya na kala-kip ng asawa na iyong iniibig sa lahat ng araw ng buhay ng iyong kawalang kabuluhan, na kaniyang ibinigay sa iyo sa ilalim ng araw lahat ng kaarawan ng iyong kawalang kabuluhan: sapagka't iyan ang iyong bahagi sa buhay, at sa iyong gawa na iyong iginagawa sa ilalim ng araw.

**10** Ano mang masumpungang gawin ng iyong kamay, gawin mo ng iyong kapangyarihan; sapagka't walang gawa, o katha man, o katalinuan man, o karunungan man, sa libingan, na iyong pina-paruran.

**11** Ako'y nagbalik at nakita ko sa ilalim ng araw, na ang pag-uunahan ay hindi sa mga matulin, o ang pagbabaka man sa mga malakas, o sa mga pantas man ang tinapay, o ang mga kayamanan man ay sa mga tawong maalam, o ang kaloob man ay sa mga tawong matalino; kungdi ang panahon at kapalaran ay nangyayari sa kanilang lahat. **12** Sapagka't hindi rin nalalaman ng tawo ang kaniyang kapanahunan: kung paano ang mga isda na nahuhuli sa masamang lambat, at kung paano ang mga ibon na nahuhuli sa bitag, gayon ang mga anak ng mga tawo, nasisilo sa masamang kapanahunan, pagka biglang nahuhulog sa kanila.

**13** Nakita ko rin ang karunungan sa ilalim ng araw, sa ganitong hichura, at naging tila malaki sa akin: **14** may maliit na ciudad, at iilan ang lalaki sa loob noon; at dumating ang malaking hari laban doon, at kumulong at nagtayo ng mga malaking moog laban doon: **15** may nasumpungan nga roong isang dukhang pantas na lalaki, at iniligtas niya ng kaniyang karunungan ang ciudad; gayon ma'y walang umalala sa dukhang lalaking yaon. **16** Ng magkagayo'y sinabi kong: Karunungan ay maigi kay sa kalakasan: gayon ma'y ang karunungan ng dukhang tawong yaon ay niwawalang kabuluhan, at ang kaniyang mga salita ay hindi dinidinig.

**17** Ang mga salita ng pantas na *sinalitang* marahang ay naririnig na higit kay sa

hiyaw ng nagpupuno sa mga mangmang. 18 Karunungan ay maigi kay sa mga sakbat sa pakikipagbata: nguni't ang isang makasalanan ay sumisira ng maraming buti.

**10** Ang mga patay na langaw ay nagpapabaho sa uuguento ng magpapabango: gayon ang munting kamangmangan sa hinahalagahan ng karunungan at karangalan. 2 Ang puso ng pantas na tawo ay nasa kaniyang kanang kamay; nguni't ang puso ng mangmang ay sa kaniyang kaliwa. 3 Oo gayon din, pagka ang mangmang ay lumalakad sa daan, ang kaniyang kaalaman ay nanlulupaypay sa kaniya, at kaniyang sinasabi sa lahat, na siya'y isang ulol. 4 Kung ang espiritu ng puno ay bumangon laban sa iyo, huag mong iwan ang iyong lugar; sapagka't ang kaamuang-loob ay nagpapalik at ng mga malaking pagkagalit. 5 May isang kasam-an, na nakita ako sa ilalim ng araw, na parang kamalian na nangagaling sa puno: 6 kamangmangang nauupo sa malaking karangalan, at ang mayamang nauupo sa mababang lugar. 7 Aking nakita ang mga alipin na nakasakay sa mga kabayo, at ang mga pangulo na lumalakad na parang mga alipin sa lupa. 8 Siyang humuhukay ng hukay ay mahuhulog doon; at ang sumisira sa bakod, kakagatin siya ng ahas. 9 Ang humihichura ng mga bato ay masasaktan noon; at ang pumapalalok ng kahoy ay mapapahamak noon. 10 Kung ang bakal ay pumuro, at huag ihasa ng isa ang talim, marapat nga niyang lagyan ng lalong kalakasan: nguni't ang karunungan ay pinakikinabangang magturo. 11 Kung ang ahas ay kumagat bago magkakarandang, wala ngang kapakinabangan sa mang-eengkanto. 12 Ang mga salita ng bibig ng pantas ay mabiyaya; nguni't ang mga labi ng mangmang ay lalamon sa kaniyang sarili. 13 Ang pasimula ng mga salita ng kaniyang bibig ay kamangmangan: at ang weakas ng kaniyang salita ay mapanlaw na kaululan. 14 Ang mangmang naman ay nagpaparami ng mga salita: gayon ma'y hindi nalalaman ng tawo kung ano ang mangyayari; at ang mangyayari pagkamatay niya, ¿sinong makapagsasaysay? 15 Ang gawa ng mga mangmang ay nagpapapagod sa kaniya, sapagka't hindi niya nalalaman kung paanong pagparoon sa ciudad. 16 | Sa aba mo, Oh lupain, kung ang iyong hari ay isang bata, at ang iyong mga pangulo

ay kumakain sa kinaumagahan! 17 | Maginhawa ka, Oh lupain, kung ang iyong hari ay anak ng mga mahal, at ang iyong mga pangulo ay kumakain sa kaukulang panahon, para sa kalakasan, at hindi para sa paglalango! 18 Sa katamaran ay gumuguhog ang pulupo; at sa katamaran ng mga kamay ay inuulanan ang bahay. 19 Ang kapistahan ay ginagawa sa tawa, at ang alak ay nagpapasaya ng buhay, at ang salapi ay sumasagot sa lahat ng bagay. 20 Huag mong sumpain ang hari, huag, huag sa iyong pag-iisip; at huag mong sumpain ang mayaman sa iyong silid na tulugan: sapagka't isang ibon sa himpapawid ay magdadala ng voces, at ang may mga pakpak ay magsasaysay ng bagay.

**11** Ihagis mo ang iyong tinapay sa mga tubig: sapagka't iyong masusumpungang pagkaraan ng maraming araw. 2 Magbigay ka ng bahagi sa pito, oo, sa walo; sapagka't hindi mo nalalaman kung anong kasam-an ang mangyayari sa lupa. 3 Kung ang mga alapaap ay mapuno ng ulan, nangatutuyo sa lupa: at kung ang punong kahoy ay mabual sa dakong timugan, o sa dakong hilagaan, sa lugar na kabualan ng kahoy, doon mamamalagi. 4 Ang nagmamalas ng hangin ay hindi maghahasik; at ang tumitingin ng mga alapaap ay hindi aani. 5 Kung paanong hindi mo nalalaman kung ano ang daan ng hangin o kung paano mang lumalaka ang mga buto sa bahay-bata ng buntis; gayon hindi mo nalalaman ang gawa ng Dios na gumagawa ng lahat. 6 Ihasik mo sa kinaumagahan ang iyong binhi, at huag mong iurong ang iyong kamay sa kinahapunan: sapagka't hindi mo nalalaman kung alin ang tutubo, kung ito o yaon, o kung kapua magiging mabuti. 7 Tunay na ang liwanag ay matamis, at masayang bagay sa mga mata na tumingin sa araw. 8 Oo, kung ang tawo ay mabuhay na maraming taon, magalak siya sa lahat ng yaon; nguni't alalahanin niya ang mga kaarawan ng kadiliman, sapagka't magiging marami. Lahat ng dumarating ay kawalang kabuluhan.

9 Ikaw ay magalak, Oh binata, sa iyong kabinataan; at pasayahin ka ng iyong puso sa mga kaarawan ng iyong kabinataan, at lumakad ka ng mga lakad ng iyong puso, at sa paningin ng iyong mga mata: nguni't talastasin mo, na dahil sa lahat ng mga bagay na ito ay dadalhin ka ng Dios sa kahatulan:

10 Kaya't ilayo mo ang kapanlawan sa iyong puso, at alisin mo ang kasam-an sa iyong laman: sapagka't ang kabinataan at ang kasilangan ng buhay ay kawalang kabuluhan

12 Alalahanin mo naman ang May-lalang sa iyo sa mga kaarawan ng iyong kabinataan, o bago dumating ang mga masamang araw, at ang mga taon ay lumapit, pagka iyong sasabihing: Wala akong kasayahan sa mga yaon; 2 o bago ang araw, at ang liwanag, at ang buan, at ang mga bituin ay magdilim, at ang mga alapaap ay magbalik pagkatapos ng ulan: 3 sa araw na ang mga tagapag-ingat ng bahay ay manginginginig, at ang mga malakas na lalaki ay magsisiyukod, at ang mga mangigiling ay maglilikat sapagka't sila'y kaonti, at yaong mga dumudungaw sa mga dungawan ay masisilaw, 4 at ang mga pintuan ay sasarhan sa mga langganan; pagka ang tunog ng giling ay humina, at ang isa'y babangon sa voces ng ibon, at lahat ng mga anak ng musiko ay mabababa; 5 oo, sila'y matatakot sa mataas, at ang mga kakilabutan ay mapapasa daan; at ang puno ng almendro ay mamumulaklak; at ang balang ay magiging pasan, at ang nasa ay manlulupaypay: sapagka't ang tawo ay yumayaon sa kaniyang malaong bahay, at ang mga mananangis ay yumayaon sa mga langganan: 6 o bago ang panaling

pilak ay mapatid, o ang tasang ginto ay mabasag, o ang banga ay mabasag sa bukal, o ang gulong ay masira sa balon; 7 at ang alabok ay maging alabok uli na gaya ng una, at ang espiritu ay magbalik sa Dios na nagbigay sa kaniya. 8 Kawalang kabuluhan ng mga kawalang kabuluhan, sabi ng Mangangaral; lahat ay kawalang kabuluhan.

9 At bukod dito, sa paraang ang Mangangaral ay pantas, nagpatuloy siya ng pagtuturo sa bayan ng kaalaman; oo, siya'y gumunita at sumiyasat, at umayos ng maraming kawikaan. 10 Humanap ang Mangangaral ng mga nakalulugod na salita, at ng nasusulat na matuid, mga salita ng katotohanan.

11 Ang mga salita ng pantas ay parang mga tulis, at parang mga pako na hasang mabuti ang mga salita ng mga pangulo ng mga kapisanan, na nabigay sa ganang isang pastor. 12 At bukod dito, anak ko, maralan ka: sa paggawa ng maraming libro ay walang wakas; at ang maraming aral ay kapaguran ng laman.

13 Ito ang wakas ng bagay; lahat ay narinig: ikaw ay matakot sa Dios at ingatan mo ang kaniyang mga utos; sapagka't ito ang boong katungkulan ng tawo.

14 Sapagka't dadalhin ng Dios ang baw't gawa sa kahatulan, sampuo ng baw't kubling bagay, maging mabuti o maging masama.

## ANG AWIT NG MGA AWIT.

1 Ang awit ng mga awit na kay Salomon.

2 Hagkan niya ako ng mga halik ng kaniyang bibig:

Sapagka't ang iyong pag-sinta ay maigi kay sa alak.

3 Ang iyong mga unguento ay may masarap na amoy;

Ang iyong pangalan ay parang ungu-entong ibinuhos;

Kaya't sinisinta ka ng mga dalaga.

4 Batakin mo ako, tatakbo kaming kasunod mo:

Dinala ako ng hari sa kaniyang mga silid:

Kami ay matutua at magagalak sa iyo, Aming babangitin ang iyong pag-sinta na higit kay sa alak:

Matuid ang pag-sinta nila sa iyo.

5 Ako'y maitim, nguni't maganda, Oh kayong mga anak ng Jerusalem, Gaya ng mga dampang ng Kedar, Gaya ng mga tabing ni Salomon.

6 Huag ninyo akong irapan dahil sa ako'y kayumangi,

Sapagka't sinunog ako ng araw.

Ang mga anak ng aking ina ay nag-suob ng laban sa akin,

Kanilang ginawa akong tagapag-ingat ng mga uvasan;

- Nġuni't* ang sarili kong uvasan ay hindi ko iningatan.
- 7 Iyong saysayin sa akin, ikaw na sinisinta nġ aking kalulua,  
Sa pinagpapasabsaban mo nġ *iyong kawan*, na pinapahingahan mo sa katanghaliang tapat:  
Sapagka't, bakit ako'y magiging parang may lambong  
Sa siping nġ mga kawan nġ iyong mga kasama?
- 8 Kung hindi mo nalalaman, Oh ikaw na pinakamaganda sa mga babaye, Yumaon kang sumunod sa mga bakas nġ kawan,  
At pasabsabin mo ang iyong mga anak nġ kambing sa siping nġ mga dampa nġ mga pastor.
- 9 Aking itinula'd kita, Oh aking sinta, Sa isang kabayo sa mga karro ni Faraon.
- 10 Pinagaganda ang iyong mga pisngi nġ mga lawit na buhok,  
Ang iyong leeg nġ mga kuintas na hiyas.
- 11 Igagawa ka namin nġ mga kuintas na ginto  
Na may mga kabit na pilak.
- 12 Samantalang ang hari ay nauupo sa kaniyang dulang,  
Ang aking nardo ay nagsusubo nġ kaniyang bangô.
- 13 Ang aking sinta, parang bigkis nġ mirra sa akin,  
Na humihilig sa pag-itan nġ aking mga suso.
- 14 Ang sinta ko ay parang kumpol nġ bulaklak nġ alheña sa akin.  
Sa mga uvasan nġ En-gadi.
- 15 Narito, ikaw ay maganda, sinta ko, narito, ikaw ay maganda;  
Ang iyong mga mata ay parang mga kalapati.
- 16 Narito, ikaw ay maganda minamahal ko, oo, maligaya:  
Ang ating hihigan naman ay ma-  
verde.
- 17 Ang mga tahilan nġ ating bahay ay mga cedro,  
At ang kaniyang mga bubong ay mga cipres.
- 2 Ako'y rosa sa Saron,  
Lila sa mga libis.
- 2 Kung paano ang lila sa gitna nġ mga tinik,  
Gayon ang aking pag-sinta sa mga dalaga.
- 3 Kung paano ang puno nġ manzanas sa gitna nġ mga punong kahoy sa gubat,  
Gayon ang aking sinta sa gitna nġ mga anak.  
Ako'y nauupo sa ilalim nġ kaniyang lilim na may malaking kaaliwan,  
At ang kaniyang bunga ay naging matamis sa aking lasa.
- 4 Dinala niya ako sa anyayahang bahay,  
At ang kaniyang bandila na sumasakop sa akin ay sinta.
- 5 Alalayan ninyo ako nġ mga pasas, aliwin ninyo ako nġ mga manzanas:  
Sapagka't ako'y may sakit na pag-sinta.
- 6 Ang kaniyang kaliwang kamay ay nasa ilalim nġ aking ulo,  
At ang kaniyang kanang kamay ay yumayakap sa akin.
- 7 Ako'y nagbibilin sa inyo, Oh mga anak na babaye nġ Jerusalem,  
Alang-alang sa mga usang lalaki at babaye sa parang,  
Na huag kayong punukaw, o gumising man sa aking sinta,  
Hangang sa ibigin niya.
- 8 | Ang voces nġ aking sinta! narito, siya'y dumarating,  
Na dumadamba sa mga bundok, lumuluko sa mga burol.
- 9 Ang aking sinta ay gaya nġ usa o nġ batang usa:  
Narito, siya'y tumatayo sa likod nġ ating bakod,  
Siya'y sumusunġaw sa mga dungawan,  
Siya'y napakikita sa mga silipan.
- 10 Ang aking sinta ay nagsalita, at nagsabi sa aking:  
Ikaw ay bumangon, sinta ko, maganda ko, at tayo na.
- 11 Sapagka't narito, ang tag-inaw ay nakaraan;  
Ang ulan ay lumagpas at wala na;
- 12 Ang mga bulaklak ay lumilitaw sa lupa;  
Ang panahon nġ paghuni nġ ibon ay dumating,  
At ang ting nġ pagong ay naririnig sa ating lupain;

- 13 Ang puno ng higos ay nahibinog ang kaniyang mga sariwang higos, At ang mga puno ng uvas ay nanumulaklak, Kanilang pinasasalimuoy ang kanilang bango. Ikaw ay bumanĝon, sinta ko, maganda ko, at tayo na.
- 14 Oh kalapati ko, na nasa mga tuka ng bato, sa puang ng matalik na lugar, Makita ko ang iyong mukha, marinig ko ang iyong voces; Sapagka't matamis ang iyong voces, at ang iyong mukha ay maligaya.
- 15 Hulihin ninyo sa amin ang mga zorra, ang mga munting zorra na sumasamsan sa mga uvasan; Sapagka't ang aming mga uvasan ay nanumulaklak.
- 16 Ang sinta ko'y akin, at ako'y kaniya: Pinasasabsab niya ang kaniyang kawan sa gitna ng mga lila.
- 17 Hangang sa ang araw ay lumamig, at ang mga lilim ay tumakas, Pumihit ka, sinta ko, at ikaw ay maging gaya ng usa o ng batang usa Sa mga bundok ng Bether.
- 3 Sa kinagabihan ay hinanap ko siya na iniibig ng aking kalulua: Aking hinanap siya, nguni't hindi ko nasumpungan.
- 2 Aking sinabing: Ako'y babanĝon, at liligid sa ciudad, Sa mga langsanĝan at sa mga maluang na daan, Aking hahanapin siya na iniibig ng aking kalulua: Aking hinanap siya, nguni't hindi ko siya nasumpungan.
- 3 Ang mga bantay na lumilibot sa ciudad ay nasumpungan ako: *Kanino ko sinabing: ?* Nakita ba ninyo siya na iniibig ng aking kalulua?
- 4 Kaonti lamang ang inilagpas ko sa kanila, Ng nasumpungan ko siya na iniibig ng aking kalulua: Humawak ako sa kaniya, at hindi ko binitawan, Hangang sa siya'y aking nadala sa bahay ng aking ina, At sa silid ng naglihi sa akin.
- 5 Ako'y nagbibili sa inyo, Oh mga anak na babaye ng Jerusalem, Alang-alang sa mga usang lalaki at babaye sa parang,
- Na huag kayong panukaw o gumising man sa *aking* sinta, Hangang sa itigin niya.
- 6 ? Sino itong sumasampang mula sa ilang na parang mga haliging usok, Na napapahanguhan ng mirra at ng kamanyan, Ng lahat na blanquete ng mangangalakal?
- 7 Narito, siyang hihigan ni Solomon; Anim na pueng makapangyarihang lalaki ay nasa palibot noon, Sa mga makapangyarihang lalaki ng Israel.
- 8 Silang lahat ay humahawak ng tabak, at bihasa sa pakikipagbaka: Bawa't isa'y may tabak sa kaniyang pigi, Dahil sa takot sa kinagabihan.
- 9 Ang haring Salomon ay gumawa sa kaniya ng palankin Na kahoy na Libano.
- 10 Ginawa niya ang mga haligi noon na pilak, Ang pinakaloob noon ay ginto, at ang upuan ay morado, Ang gitna noon ay nalalatangan ng pag-sinta, Sa ganang mga anak na babaye ng Jerusalem.
- 11 Kayo'y lumabas, Oh kayong mga anak na babaye ng Sion, at inyong masdan ang haring Salomon, Na may korona na ikinorona sa kaniya ng ina niya sa kaarawan ng kaniyang pag-aasawa, At sa kaarawan ng kasayahan ng kaniyang puso.
- 4 Narito, ikaw ay maganda, sinta ko; narito, ikaw ay maganda; Ang iyong mga mata ay parang mga kalapati sa likod ng iyong lambong: Ang iyong buhok ay parang kawan ng mga kambing, Na nagpapahinga sa tabi ng bundok ng Galaad.
- 2 Ang Iyong mga ngipin ay gaya ng mga kawan ng mga tupa na bagong gupit, Na tumahong mula sa pagpaligo; Na bawa't isa'y may kambal, At walang baog sa kanila.
- 3 Ang iyong mga labi ay gaya ng pising mapula,



- At ang iyong bibig ay maganda:  
 Ang iyong mga pisngi ay gaya ng  
 piraso ng granada.  
 Sa likod ng iyong lambong.
- 4 Ang iyong leeg ay gaya ng moog ni  
 David na itinayo na pinakasakbatan,  
 Na kinabibitinan ng libong kalasag,  
 Ng lahat na mga kalasag ng mga  
 makapangyarihang lalaki.
- 5 Ang iyong dalawang suso ay gaya ng  
 dalawang batang usa na mga kambal  
 ng usa,  
 Na sumasabsab sa gitna ng mga lila.
- 6 Hangang sa ang araw ay lumamig at  
 ang mga lilim ay tumakas,  
 Ako'y pararoon sa bundok ng mirra,  
 At sa burol ng kamanyan.
- 7 Ikaw ay totoong maganda, sinta ko;  
 At walang kapintasan sa iyo.
- 8 Sumama ka sa akin mula sa Libano,  
 asawa ko,  
 Na kasama ko mula sa Libano:  
 Tumanaw ka mula sa taluktok ng  
 Amana,  
 Mula sa taluktok ng Senir at ng Her-  
 mon,  
 Mula sa mga yungib ng mga leon,  
 Mula sa mga bundok ng mga leopardo.
- 9 Inagaw mo ang aking puso, kapatid  
 ko, asawa ko,  
 Iyong inagaw ang aking puso ng isang  
 sulap ng iyong mga mata,  
 Ng isang kuintas ng iyong leeg.
- 10 Pagkaganda ng iyong pag-sinta, kapa-  
 tid ko, asawa ko!  
 ; Pagkaigi ng iyong pag-sinta kay sa  
 alak!  
 ; At ang amoy ng iyong mga unguento  
 kay sa lahat na sarisaring pabango!
- 11 Ang iyong mga labi, Oh asawa ko,  
 tumutulong parang pulot-pukyutan:  
 Pulot at gatas ay nasa ilalim ng iyong  
 dila;  
 At ang amoy ng iyong suot ay gaya  
 ng amoy ng Libano.
- 12 Halamanang nababakuran ang kapa-  
 tid ko, ang asawa ko;  
 Bukal na nababakuran, balon na nata-  
 takpan.
- 13 Ang iyong mga pananim ay halama-  
 nan ng mga granada, na may maha-  
 lagang mga bunga;  
 Alheñas sampuo ng mga pananim na  
 nardo,
- 14 Nardo at azafran,  
 Kalamo at kanela, sampuo ng lahat  
 na punong kahoy ng kamanyan;

- Mirra at mga aloe, sampuo ng lahat  
 na mga pinakamainam na pabango.
- 15 Ikaw ay bukal ng mga halamanan,  
 Balon ng mga buhay na tubig,  
 At umaagos na mga agos na mula sa  
 Libano.
- 16 Ikaw ay gumising, Oh hilagaang ha-  
 ngin; at parito ka, ikaw na timugan;  
 Humihip ka sa aking halamanan,  
 upang ang mga bango niya'y sumali-  
 muoy.  
 Masok ang aking sinta sa kaniyang  
 halamanan,  
 At kumain siya ng kaniyang mahala-  
 gang mga bunga.
- 5 Ako'y dumating sa aking halamanan,  
 kapatid ko, asawa ko:  
 Aking dinampot ang aking mirra  
 sampuo-ng aking pabango;  
 Aking kinain ang aking pulot-puk-  
 yutan sampuo ng aking pulot;  
 Aking ininom ang aking alak sampuo  
 ng aking gatas.  
 Kayo'y kumain, Oh mga kaibigan;  
 Kayo'y uminom, oo, kayo'y uminom  
 ng sagana, Oh sinta ko.
- 2 Ako'y nakakatulog, nguni't ang aking  
 puso ay gising:  
 Siyang voces ng aking sinta na tumu-  
 tuktok, na nagsasabing:
- Pagbuksan mo ako, kapatid ko, sinta  
 ko, kalapati ko, sakdal ko:  
 Sapagka't ang aking ulo ay basa ng  
 hamog,  
 Ang aking mga pusod ng buhok ng  
 mga patak ng gabi.
- 3 Aking hinubad ang aking suot; ; paa-  
 nong aking isusuot?  
 Aking hinugasan ang aking mga paa;  
 ; paanong aking mga dudumhan?
- 4 Isinnuot ng aking sinta ang kaniyang  
 kamay sa butas ng pintuan,  
 At nakilos ang aking puso sa kaniya.
- 5 Ako'y nagbangon upang pagbuksan  
 ang aking sinta;  
 At ang aking mga kamay ay tumutulo  
 ng mirra,  
 At ang aking mga daliri ng malagnaw  
 na mirra,  
 Sa mga tatangnan ng trangkang.
- 6 Aking pinagbuksan ang aking sinta;  
 Nguni't ang aking sinta ay umurong  
 at wala na.

- Napanlupaypay na ako ng aking kalulua ng siya'y magsalita:  
 Aking hinanap siya, nguni't hindi ko nasumpungan siya;  
 Aking tinawag siya nguni't hindi siya sumagot sa akin.
- 7 Ang mga bantay na lumibot sa ciudad ay nasumpungan ako,  
 Sinaktan nila ako, sinugatan nila ako, linalis sa akin ang aking balabal ng mga tanod ng mga kuta.
- 8 Ako'y nagbibilin sa inyo, Oh mga anak na babaye ng Jerusalem, kung inyong masumpungan ang aking sinta, Na inyong saysayin sa kaniya, na ako'y may sakit na pag-sinta.
- 9 ¿Ano ang iyong sinta na higit kay sa ibang sinta,  
 Oh ikaw na pinakamaganda sa mga babaye?  
 ¿Ano ang iyong sinta na higit kay sa ibang sinta,  
 Na iyong ibinibilin sa amin na ganiyan?
- 10 Ang aking sinta ay maputi at mapula, Na pinakamainam sa sampuonng libo.
- 11 Ang kaniyang ulo ay gaya ng pinakamainam na ginto,  
 Ang kaniyang pusod ng buhok ay lugay at maitim na parang owak.
- 12 Ang kaniyang mga mata ay parang mga kalapati sa siping ng mga batis ng tubig;  
 Na hinugasan ng gatas at nalalapag na lubos.
- 13 Ang kaniyang mga pisngi ay gaya ng hanay ng mga pabango, gaya ng mga buntong ng mga matamis na gula y;  
 Ang kaniyang mga labi ay parang mga lila na tumutulo ng malagnaw na mirra.
- 14 Ang kaniyang mga kamay ay parang mga singsing na ginto na may lakip na berilo:  
 Ang kaniyang katawan ay parang yaring garing na binalot ng mga zafiro.
- 15 Ang kaniyang mga hita ay parang haliging marmol, na nalalapag sa mga tuntungan na dalisay na ginto:  
 Ang kaniyang lichura ay gaya ng Libano na marilag na gaya ng mga cedro.
- 16 Ang kaniyang bibig ay pinakamatamis: oo, siya'y totoong mainam.
- Ito'y aking sinta at ito'y aking kaibigan,  
 Oh mga anak na babaye ng Jerusalem.
- 6 ¿Saan naparoon ang iyong sinta,  
 Oh ikaw na pinakamaganda sa mga babaye?  
 ¿Saan tumungo ang iyong sinta,  
 Upang aming maharap siya na kasama mo?
- 2 Ang sinta ko'y bumaba sa kaniyang halaman, sa mga hanay ng mga pabango,  
 Upang mag-alih sa mga halaman, at upang mamitas ng mga lila.
- 3 Ako'y sa aking sinta at ang sinta ko ay akin:  
 Pinasasabsab niya ang kaniyang kausap sa gitna ng mga lila.
- 4 Ikaw ay maganda sinta ko, na gaya ng Tirsa,  
 Na maganda na gaya ng Jerusalem, Kakilakilabot na parang kawal na may mga bandila.
- 5 Iyong ihilwalay ang iyong mga mata sa akin,  
 Sapagka't kanilang dinaig ako.  
 Ang iyong buhok ay gaya ng kawan ng mga kambing,  
 Na humihilig sa siping ng Galaad.
- 6 Ang iyong mga ngipin ay gaya ng kawan ng mga babayeng tupa,  
 Na umahon na mula sa pagpaligo;  
 Na bawa't isa'y may kambal,  
 At walang baog sa kanila.
- 7 Ang iyong mga pisngi ay gaya ng piraso ng granada  
 Sa liked ng iyong lambong.
- 8 May anim na puong-reina, at walong puong babaye,  
 At mga dalaga na walang bilang.
- 9 Ang aking kalapati, ang aking sakdal ay isa lamang;  
 Siya ang bugtong ng kaniyang ina;  
 Siya ang pili ng nanganak sa kaniya.  
 Nakita siya ng mga anak na babaye, at tinawag siyang mapalad;  
 Oo, ng mga reina at ng mga babaye, at pinuri siya nila.
- 10 ¿Sino itong tumitinging parang umaga,  
 Maganda na parang buan,  
 Maliwanag na parang araw,  
 Kakilakilabot na parang kawal na may mga bandila?

- 11 Ako'y bumaba sa lalamanan ng mga  
pili,  
Upang tingnan ang mga sariwang  
pananim sa libis,  
Upang tingnan kung nagbubuko ang  
puno ng uvas,  
At ang mga puno ng granada ay namu-  
mulaklak.
- 12 Oh bago nalaman ko, ang aking kalu-  
lua ay lumagay sa akin.  
*Sa gitna ng mga karro ng aking mahal*  
na bayan.
- 13 Ikaw ay magbalik, ikaw ay magbalik,  
Oh, Sulamita;  
Ikaw ay magbalik, ikaw ay magbalik,  
upang ikaw ay aming matingnan.
- ! Bakit kayo'y titingin sa Sulamita,  
Ng gaya sa sayaw ng Mahanaim?
- 7 ! Pagkaganda ng iyong mga paa sa mga  
panyapak, Oh anak na babaye ng  
pangulo!  
Ang mga pagkakaugpong ng iyong  
mga hita ay parang mga hiyas,  
Ng gawa ng mga kamay ng bihasang  
mangagawa.
- 2 Ang iyong pusod ay parang mabilog  
na taza,  
Na hindi pinagkukulangan ng alak na  
may halo;  
Ang iyong tiyan ay parang buntong ng  
trigo  
Na nalalagay sa palibot ng mga lila.
- 3 Ang iyong dalawang suso ay gaya ng  
dalawang batang usa  
Na mga kambal ng usa.
- 4 Ang iyong leeg ay gaya ng moog na  
garing;  
Ang iyong mga mata ay gaya ng mga  
lawa sa Hesbon sa siping ng pin-  
tuang-daan ng Bat-rabbim;  
Ang iyong ilong ay gaya ng moog ng  
Libano  
Na nakaharap sa Damasko.
- 5 Ang iyong ulo sa iyo ay gaya ng Kar-  
melo,  
At ang buhok ng iyong ulo ay gaya  
ng morado;  
Ang hari ay nabibihag sa iyong mga  
tirintas.
- 6 Pagkaganda at pagkaligaya mo,  
! Oh sinta sa mga kaaliwan!
- 7 Itong iyong kisig ay hawig sa puno  
ng palma,

At ang iyong mga suso ay sa mga buig  
ng mga uvas.

- 8 Aking sinabing: Ako'y aakyat sa puno  
ng palma,  
Ako'y habawak sa mga sauga niya;  
Ang iyong mga suso ay maging gaya  
ng mga buig ng puno ng uvas,  
At ang amoy ng iyong hinga ay gaya  
ng mga manzana;
- 9 At ang iyong bibig ay gaya ng pina-  
kamainan na alak,  
Na tumutulong marahan para sa aking  
sinta,  
Na dumudulas sa mga labi ng mga  
natutulog.
- 10 Ako'y sa aking sinta,  
At ang kaniyang nasa ay sa akin.
- 11 Ikaw ay parito, sinta ko, tayo'y luma-  
bas sa parang;  
Tayo'y tumigil sa mga nayon.
- 12 Tayo'y sumampang maaga sa mga  
uvasan;  
Ating tingnan kung ang puno ng uvas  
ay nagbubuko, at kung ang kani-  
yang mga bulaklak ay bumubuka,  
At kung ang mga granada ay namumu-  
laklak:  
Doo'y ibibigay ko sa iyo ang aking  
pag-sinta.
- 13 Ang mga mandragora ay sumasa-  
limuoy ng bangoy,  
At nasa ating mga pintuan ang lahat  
na sarisaring mahalagang bunga,  
bago at luma,  
Na aking inilapag para sa iyo, Oh  
sinta ko.
- 8 ! Oh kung ikaw ay parang aking  
kapatid,  
Na humihitit ng mga suso ng aking ina!  
*Pagka* ikaw ay aking nasumpungan  
sa labas, habagkan kita;  
Oo, at walang wawala ng kabuluhan  
sa akin.
- 2 Aking papatnubayan kita, at dadalhin  
kita sa bahay ng aking ina,  
Na magtuturo sa akin;  
Aking patinunim kita ng hinaluang  
alak,  
Ng katas ng aking granada.
- 3 Ang kaniyang kaliwang kamay ay  
*malalagay* sa ilalim ng aking ulo,  
At ang kaniyang kanang kamay ay  
yayakap sa akin.
- 4 Ako'y nagbibiliin sa inyo, Oh mga  
anak na babaye ng Jerusalem,

- Na huag kayong pumukaw, o gumising man sa *aking* sinta, Hangang sa ibigin niya.
- 5 *¿*Sino itong sumasampang mula sa ilang, Na humihilig sa kaniyang minamahal? Sa ilalim ng puno ng manzana ay ginising kita: Doon nagdamdam sa iyo ang iyong ina, Doon nagdamdam yaong nannganak sa iyo.
- 6 Ilagay mo akong parang takda sa iyong puso, parang takda sa iyong kamay: Sapagka't ang pag-sinta ay malakas na parang kamatayan, Panibugho ay mabagsik na parang libingan: Ang mga alipato niya ay gaya ng mga alipato ng apoy, Ng napakaalab ng PANGINOON.
- 7 Ang maraming tubig ay hindi makapatay ng pag-sinta, O mapaurong man ng mga baha: Kung ibigay ng lalaki ang lahat na lawan ng kaniyang bahay dahil sa pag-sinta, Siya'y lubos na mawawalan ng kabuluhan.
- 8 Tayo'y may munting kapatid na babaye, At siya'y walang mga suso:
- ¿*Ano ang ating gagawin sa ating kapatid na babaye  
Sa araw na siya'y hihilingin?  
9 Kung siya'y isang kuta, Magtatayo tayo sa kaniya ng moog na pilak:  
At kung siya'y isang pintuan, Ating tatakpan ng mga halang na cedro.
- 10 Ako'y isang kuta, at ang aking mga suso ay gaya ng mga moog niya. Ako nga'y naging sa kaniyang mga mata ay parang nakakasumpung ng kapayapaan.
- 11 Si Salomon ay may uvasan sa Baalhamon; Kaniyang pinaupaban ang uvasan sa mga tagapamahala; Bawa't isa'y nagdadala dahil sa bunga noon ng isang libong *pirasong* pilak.
- 12 Ang aking uvasan na akin ay nasa harap ko: Ikaw, Oh Salomon, magkakaroon ng libo, At ang mga nag-iingat ng bunga noon ay dalawang daan.
- 13 Ikaw na tumatahan sa mga halamanan, Ang mga kasama ay dumidinig ng iyong voces: Iparinig mo sa akin.
- 14 Ikaw ay magmadali, sinta ko, At ikaw ay maging parang usa o batang usa Sa mga bundok ng mga pabango.

## ANG LIBRO NG PROFETA

## ISAIAS.

- 1 Ang malikmata ni Isaias na anak ni Amoz, na nakakita ng tungkol sa Juda at Jerusalem, sa mga kaarawan ni Uzias, ni Jotam, ni Ahaz, at ni Ezekias, na mga hari sa Juda.
- 2 Inyong dingin, Oh mga langit, at iyong pakingan, Oh lupa, sapagka't sinalita ng PANGINOON: Ako'y nag-alaga at nagpalaki ng mga bata, at sila'y nanghi-
- magsik laban sa akin. 3 Nakikilala ng baka ang kaniyang panginoon, at ng asno ang pasabsaban ng kaniyang panginoon: *nguni't* ang Israel ay hindi nakakakilala, ang bayan ko ay hindi gumugunita.
- 4 Bayang salarin, bayang napapasanan ng kasam-an, binhi ng mga mangagawa ng kasam-an, mga anak na gumagawa ng kapahamakan: nilimot nila ang PANGI-

NOON, niwalang kabuluhan nila ang Santo ng Israel, sila'y nangiba at nagsiurong. 5 Bakit kayo'y paparusahan pa upang kayo'y manghimagsik ng higit at higit? ang boong ulo ay masakit, at ang boong puso ay nanlulupaypay. 6 Mula sa talampakan ng paa hangang sa ulo ay walang kagalingan; *kungdi* mga sugat, at mga langib, at mga sariwang sugat: hindi mga natikom, o natalian man, o napahiran man ng langis. 7 Ang inyong lupain ay giba; ang inyong mga ciudad ay sunog ng apoy; ang inyong lupain ay nilalamon ng mga taga ibang lupa sa inyong harap, at giba, na parang niwasak ng mga taga ibang lupa. 8 At ang anak na babaye ng Sion ay naiwang parang balag sa isang uvasan, parang pahingahan sa halamanan ng mga melon, parang ciudad na nakulong. 9 Kungdi nag-iwan sa atin ng napakakaonting labi ang PANGINOON ng mga hukbo, naging parang Sodoma tayo, naging parang Gomorra tayo.

10 Inyong dingin ang salita ng PANGINOON, ninyong mga puno sa Sodoma; makinig kayo sa kautusan ng ating Dios, kayong bayan ng Gomorra. 11 Sa anong kapararakan ang karamihan ng inyong mga hayin sa akin? sabi ng PANGINOON: ako'y puno ng mga handog na susunugin na mga lalaking tupa, at ng mataba sa mga hayop na pinataba; at ako'y hindi nalulugod sa dugo ng mga toro, o ng mga cordero o ng mga kambing na lalaki. 12 Ng kayo'y dumating na pakita sa harap ko, sinong humingi nito sa inyong kamay, upang inyong yapakan ang aking mga looban? 13 Huag ng dalhan ninyo ako ng mga walang kabuluhang alay; kamanyan ay kasuklamsuklam sa akin; ang bagong buan, at ang sabado, ang pagtawag ng mga kapisanan,—hindi ako makapagtitiis ng kasamanan at ng dakilang kapisanan. 14 Kinapopootan ng aking kaluluha ang inyong mga bagong buan at ang inyong mga takdang kapistahan: mga kabagabagan sa akin; ako'y ngalay ng pagdadala ng mga yaon. 15 At pagka inyong inilaladlad ang inyong mga kamay, aking ikukubli ang aking mga mata sa inyo: oo, pagka kayo'y dumadalangin ng marami, hindi ko didingin: ang inyong mga kamay ay puno ng dugo. 16 Kayo'y maghugas, kayo'y maglinis; alisin ninyo ang kasamanan ng inyong mga gawa sa harap ng aking mga mata; maglikat kayo ng paggawa ng kasamanan: 17 mag-aral

kayong gumawa ng mabuti; inyong hanapin ang kihatulan, inyong sakloloohan ang napipighati, inyong hatulan ang ulila, ipagsangalang ninyo ang babayeng bao.

18 Kayo'y parito ngayon, at tayo'y magkatuiranan, sabi ng PANGINOON: бага man ang inyong mga kasalanan ay parang mapula, mga magiging maputi na parang nieve; бага man mga mapulang parang matingkad na pula, mga magiging parang balahibo ng tupa. 19 Kung kayo'y magkusa at magmasunurin, kayo'y kakain ng buti ng lupain: 20 ngunit kung kayo'y tumangi at manhimagsik, kayo'y lalamunin ng tabak: sapagka't sinalita ng bibig ng PANGINOON. 21 Bakit ang tapat na ciudad ay naging dalahira! siya na puno ng kihatulan! kabanalan ay tumitigil sa kaniya, ngunit ngayo'y mga mamamatay-tawo. 22 Ang iyong pilak ay naging kalawang, ang iyong alak ay nahaluan ng tubig. 23 Ang iyong mga pangulo ay mapanghimagsik, at mga kasama ng mga tulisan; bawa't isa'y umiibig ng mga kaloo, at sumusunod sa mga ganting-pala: hindi nila hinahatulan ang ulila, o pinararating man sa kanila ang usap ng babayeng bao.

24 Kaya't sabi ng Panginoon, ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Makapangyarihan sa Israel: Ah, kukuhang sulit ako sa aking mga kaalit, at gaganti ako sa aking mga kaaway: 25 at aking ibabalik ang aking kamay sa iyo, at aking lilinising lubos ang iyong kalawang, at aalisin ko ang iyong lahat na tinga: 26 at aking isasauli ang iyong mga hukom na gaya ng una, at ang iyong mga tagapayo na gaya ng pasimula: pagkatapos ay tatawagin kang: Ang ciudad ng kabanalan, ang tapat na ciudad. 27 Ang Sion ay tutubusin ng kihatulan, at ang kaniyang mga hikayat ng kabanalan. 28 Ngunit ang kagibaan ng mga mananalangang at ng mga makasalanan ay magkakapisan, at silang lumilimot sa PANGINOON ay malilipol. 29 Sapagka't sila'y mapahihiya tungkol sa mga encina na inyong ninasa, at kayo'y mangalilite dahil sa mga halamanan na inyong pinili. 30 Sapagka't kayo'y maging parang encina na ang dahon ay nalalanta, at parang halamanan na walang tubig. 31 At ang malakas ay magiging parang yunot, at ang kaniyang gawa ay parang siklah; at kapua sila maglilibab, at walang papatay sa kanila.

**2** Ang salita na nakita ni Isaias na anak ni Amoz tungkol sa Juda at Jerusalem.

**2** At mangyayari sa mga huling araw, na ang bundok ng bahay ng PANGINOON ay matatatag sa taluktok ng mga bundok, at mataas sa mga burol; at lahat ng nasyon ay huhugos doon. **3** At ang maraming bayan ay yayaon at magsasabing: Hali kayo, at tayo'y sumampa sa bundok ng PANGINOON, sa bahay ng Dios ni Jakob; at tuturuan niya tayo ng kaniyang mga daan, tayo'y lalakad sa kaniyang mga landas: sapagka't mula sa Sion ay lalabas ang kautusan, at ang salita ng PANGINOON ay mula sa Jerusalem. **4** At siya'y hahatol sa gitna ng mga nasyon, at sasaway sa maraming bayan: at sila'y tataga ng kanilang mga tabak sa mga halang ng panbukid, at ang kanilang mga sibat sa mga karit: ang nasyon ay hindi magtataas ng tabak laban sa nasyon, o mag-aaral pa man sila ng pakikipagbaka.

**5** Oh bahay ng Jakob, halikayo, at tayo'y lumakad sa liwanag ng PANGINOON. **6** Sapagka't iyong binayaan ang iyong bayan na bahay ng Jakob, sa paraang sila'y puno ng mga kaugaliang mula sa silangan, at mga mamanahin na gaya ng mga Filisteo, at sila'y mga nakikipagkamay sa mga anak ng mga taga ibang lupa. **7** Ang kanilang lupain naman ay puno ng pilak at ginto, o mairoon mang ano mang wakas ang kanilang mga kayamanan; ang kanila namang lupain ay puno ng mga kabayo, o mairoon mang wakas ang kanilang mga karro. **8** Ang kanila namang lupain ay puno ng mga idolo; kanilang sinasamba ang gawa ng kanilang sariling mga kamay, na ginawa ng kanilang sariling mga daliri. **9** At ang tawong mababa ay yumuyukod, at ang lalaking malaki ay nababa: kava't huag mong mga patawarin. **10** Ikaw ay masok sa bato, at magkubli ka sa alabok, mula sa kakilabutan sa PANGINOON, at mula sa kalualhatian ng kaniyang kamahalan. **11** Ang mga tinging mapagmataas ng tawo ay mabababa, at ang mga kapalaluan ng mga lalaki ay mayuyuko, at ang PANGINOONG mag-isa ay matataas sa araw na yaon. **12** Sapagka't magkakaroon ng isang araw ang PANGINOON ng mga hukbo sa lahat na palata at hambog, at sa lahat na nagmamataas; at mabababa: **13** at sa lahat ng cedro sa Libano, na matayog at mataas, at sa

lahat ng encina sa Basan; **14** at sa lahat ng mataas na bundok, at sa lahat ng burol na nataas; **15** at sa lahat ng matayog na moog, at sa lahat ng kutang nababakod; **16** at sa lahat ng sasakyang dagat sa Tarsis, at sa lahat ng maligayang bantayang moog. **17** At ang kahambugan ng laalaki ay mayuyuko, at ang mga pagmamataas ng mga tawo ay mabababa: at ang PANGINOONG mag-isa ay matataas sa araw na yaon. **18** At ang mga idolo ay mapapawing lubos. **19** At ang mga tawo ay papasok sa mga yungib ng mga bato, at sa mga puang ng lupa, mula sa harap ng kakilabutan sa PANGINOON, at mula sa kalualhatian ng kaniyang kamahalan, pagka siya'y bumangon upang papangininging may kapangyarihan ang lupa. **20** Sa araw na yaon ay ihahagis ng tawo ang kaniyang mga idolo na pilak, at ang kaniyang mga dios na ginto, na kanilang ginawa upang sambalin, sa yungib ng mga vilig at ng mga paniki; **21** upang masok sa mga puang ng mga bato, at sa mga butas ng mga malaking bato, na mula sa harap ng kakilabutan sa PANGINOON, at mula sa kalualhatian ng kaniyang kamahalan, pagka siya'y bumangon upang pangininging may kapangyarihan ang lupa. **22** Likatan ninyo ang tawo, na ang hinga ay nasa kaniyang mga butas ng ilong: sapagka't sa ano pabahalagahan siya?

**3** Sapagka't, narito, ang PANGINOON, ang PANGINOON ng mga hukbo, nag-aalis sa Jerusalem at sa Juda ng alalay, at tungkod ng boong alalay na tinapay at ng boong alalay na tubig; **2** ng makapangyarihang lalaki, at ng lalaking pangbaka; ng hukom, at ng profeta, at ng manghuhula, at ng matanda; **3** ng kapitan ng liliwang puin, at ng marangal na tawo, at ng tagapayo, at ng bihasang mangagawa, at ng matalinong mangangatha. **4** At ako'y magbibigay ng mga bata upang maging kanilang mga pangulo, at mga nene ang magpupuno sa kanila. **5** At ang bayan ay mapig-hati, bawa't isay sa iba, at bawa't isay sa kaniyang kapua: ang bata ay magpapalalo laban sa matanda at ang mababa laban sa marangal. **6** Pagka ang lalaki ay hahawak sa kaniyang kapatid sa bahay ng kaniyang ama, na magsasabing: Ikaw ay may damit, ikaw ay maging aming puno, at ang sirang ito ay mapasa ilalim ng iyong kamay: **7** sa araw na yaon ay magtataas siya ng kaniyang voces, na

magsasabing: Hindi ako magiging mangagamot; sapagka't sa aking bahay ay wala kahi't tinapay o damit man: huag ninyo akong gagawing puno ng bayan. 8 Sapagka't ang Jerusalem ay sira at ang Juda ay bagsak: sapagka't ang kanilang dila at ang kanilang mga gawa ay laban sa PANGINOON, upang munkahin ang mga mata ng kaniyang kalualhatian. 9 Ang hichura ng kanilang mukha ay sumasaksi laban sa kanila; at kanilang isinasaysay ang kanilang mga kasalanan na parang Sodoma, hindi nila ikinukubli. [Sa aba ng kanilang kalulua! sapagka't sila'y gumanti ng kasam-an sa kanilang sarili. 10 Sabihin ninyo tungkol sa banal, na magiging mabuti sa kaniya: sapagka't sila'y kakain ng bunga ng kanilang mga gawa. 11 Sa aba ng masama! magiging masama sa kaniya: sapagka't ang kagantihan sa kaniyang mga kamay ay mabibigay sa kaniya. 12 Tungkol sa aking bayan, mga bata ang mga mamimighati sa kanila, at mga babaye ang magpupuno sa kanila. Oh bayan ko, silang pumapatnubay sa iyo, magliligaw sa iyo, at gigiba ng daan ng iyong mga landas. 13 Ang PANGINOON ay tumatayo upang magsangalang, at tumatayo upang humatol sa mga bayan. 14 Ang PANGINOON ay papasok sa kahalutulan na kasama ng mga matanda ng kaniyang bayan, at ng mga pangulo noon: Kayo ang kumain sa uvasan; ang samsam sa dukha ay nasa inyong mga bahay: 15 anong kahulugan na inyong dinidikdik ang aking bayan, at inyong ginigiling ang mukha ng dukha? sabi ng Panginoon, ng PANGINOON ng mga hukbo.

16 Bukod dito'y sinabi ng PANGINOON: Sa paraang ang mga dalaga ng Sion ay mga palalo, at lumalakad na may mga matigas na leeg at mga matang nakairap, na lumalakad at kumekendeng habang yumayaon, at nagpapakalatog ng kanilang mga paa: 17 kaya't papaglalangin ng Panginoon ang bao ng ulo ng mga dalaga ng Sion, at hububdan ng PANGINOON ang kanilang mga lihim na bahagi. 18 Sa araw na yaon ay aalisin ng Panginoon ang kagilasan ng kanilang mga hiyas ng paa, at ang mga yaring lambat at ang mga kalahating buan; 19 ang mga hikaw, at ang mga pulsera, at ang mga lambong; 20 ang mga pamuti ng buhok, at ang mga kuintas sa bukong-bukong, at ang mga pamigkis, at ang mga taguan

ng pabango, at ang mga bulong; 21 ang mga singsing, at ang mga hiyas para sa ilong; 22 ang mga damit na pamista, at ang mga balabal, at ang mga panleeg, at ang mga bulsa; 23 ang mga maliit na salamin, at ang pinong kayong puti, at ang mga turban-te, at ang mga lambong. 24 At mangyayari, na hahalili sa mga mainam na pabango ay baho; at hahalili sa pamigkis ay panali; at hahalili sa buhok na ayos ay kakalbuhan; at hahalili sa pamigkis na mainam ay pamigkis na kayong magaspang: pagkasunog sa lugar ng kagandahan. 25 Angiyong mga lalaki ay mabubual sa pamamag-itan ng tabak, at ang iyong mga makapangyarihan ay sa pakikipagbaka. 26 At ang kaniyang mga pintuang-daan ay tataghoy at tata-ngis, at siya'y magiging giba at mauupo sa lupa.

4 At pitong babaye ay hahakaw sa isang lalaki sa araw na yaon, na magsasabing: Kami ay kakain ng aming sariling tinapay, at magsusuot ng aming sariling kasuotan: tawagin lamang kami sa iyong pangalan; alisin mo ang aming kadustaan.

2 Sa araw na yaon ay magiging maganda at malualhati ang tangkay ng PANGINOON, at ang bunga ng lupain ay magiging magaling at mainam sa kanilang nakataanan sa Israel. 3 At mangyayari, na siyang naiwan sa Sion, at siyang nalabi sa Jerusalem, tatawaging santo, baw't nasusulat sa may buhay sa Jerusalem: 4 pagka huhugasan ng Panginoon ang dumi ng mga anak na babaye ng Sion, at lilinisin ang dugo ng Jerusalem sa gitna niya sa pamamag-itan ng espiritu ng kahalutalan, at sa pamamag-itan ng espiritu ng pagkasunog. 5 At ang PANGINOON ay lilikha sa itaas ng boong tahanan ng bundok ng Sion, at sa itaas ng kaniyang mga kapisanan, ng isang ulap at usok sa araw, at ng liwanag ng nagningas na apoy sa gabi: sapagka't sa itaas ng lahat na kalualhatian ay magkakaroon ng isang takip. 6 At magkaakaroon ng tabing upang maging lilim sa kaarawan laban sa init, at upang silungnan at kublilan sa bagyo at sa ulan.

5 Paawitin ninyo ako sa aking sinta na mabuti, ng awit ng aking sinta tungkol sa kaniyang uvasan. Ang aking sinta na mabuti ay may uvasan sa isang palabungang burol: 2 at kaniyang

binangbangan ang palibot, at inalis ang mga bato, at tinamnan ng piling puno ng uvas, at nagtayo ng isang moog sa gitna noon, at lumichura naman ng kamalig ng uvas doon: at kaniyang hinintay na magbunga ng uvas, at nagbunga ng uvas gubat. 3 At ngayon, Oh, mga mananahan sa Jerusalem at mga lalaki sa Juda, hatulan ninyo, isinasamo ko sa inyo, ako at ang aking uvasan. 4 ; Ano pa ang magagawa ko sa aking uvasan na hindi ko nagagawa? ; bakit, ng aking hinihintay na magbunga ng mga uvas, nagbunga ng mga uvas gubat? 5 At ngayon'y pabaya ninyo; aking sasaysayin sa inyo ang gagawin ko sa aking uvasan: aking aalisin ang bakod noon, at masusunog; aking ibabagsak ang bakod noon at mayayapakan: 6 at aking ilalagay na giba; hindi kakapuin o bubukirin man; kungdi sasampa ay mga siitan at mga tinik; akin namang iutos sa mga alapaap, na huag mga umulan ng ulan sa kaniya. 7 Sapagka't ang uvasan ng PANGINOON ng mga hukbo ay siyang bahay ng Israel, at ang mga lalaki sa Juda ay kaniyang maligayang pananim: at siya'y naghihintay ng kahatulan, nguni't narito't kapighatian; ng kabanalan, nguni't narito't daing.

8 ; Sa aba nila, na nag-uugpong ng bahay sa bahay, na naglalagay ng bukid sa bukid, hangang sa mawalan ng pagitan, at kayo'y tatahang mag-isa sa gitna ng lupain! 9 Sa aking mga pakinig ay sinasabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Sa katotohanan'y maraming bahay ang magigiba, malalaki at magaganda, na walang mananahan. 10 Sapagka't sampuon akre ng uvasan ay magbunga ng isang bato, at isang homer na binhi ay magbunga ng isang efa.

11 ; Sa aba nila na bumabangong maaga sa kinaumagahan, upang sila'y makasund sa nakalalasing na inumin; na nagpapahingang tanhali sa gabi, hangang sa mag-alab ang alak sa kanila! 12 At ang alpa at ang viola, ang pandereta at ang flauta, at ang alak, ay nasa kanilang mga kasayahan: nguni't hindi nila dinidinig ang gawa ng PANGINOON, o ginunita man nila ang gawa ng kaniyang mga kamay. 13 Kaya't ang aking bayan ay nasok sa pagkabihaag, sa kasalatan sa katalinuan: at ang kanilang kagalangalang na mga tawo ay nagugutom, at ang kanilang karamihan ay babahandusay sa uhaw. 14 Kaya't pinalaki ng libingan ang kani-

yang nasa, at ibinuka ang kaniyang bibig ng walang sukot: at ang kanilang kalualhatian at ang kanilang karamihan, at ang kanilang kahambugan, at ang nagagalak sa gitna nila ay bumaba doon. 15 At ang tawong mababa ay yumukod, at ang malaking tawo ay nagpakababa, at ang mga mata ng palalo ay nagpakababa: 16 nguni't ang PANGINOON ng mga hukbo ay nataas sa kahatulan, at ang Dios na Santo ay nasanto sa kabanalan. 17 Kung magkagayo'y sasabsab ang mga cordero na parang sa kanilang sabsaban at ang mga sirang lugar na mga mataba ay kakanin ng mga gala.

18 ; Sa aba nila na bumabatak ng kasaman sa pamamagitan ng mga panaling walang kabuluhan, at ng kasalanan na para ng panali ng kariton: 19 Na nagsasabing: Magmaliksi siya, magmadali siya upang aming makita: at lumapit at dumating ang payo ng Santo ng Israel, upang aming malaman!

20 ; Sa aba nila na tumatawag ng mabuti sa masama, at masama sa mabuti; na inaaring dilim ang liwanag, at liwanag ang dilim; na inaaring mapait ang matamis at matamis ang mapait!

21 ; Sa aba nila na pantas sa kanilang sariling mga mata, at mabait sa kanilang sariling paningin!

22 ; Sa aba nila na makapangyarihan sa pag-inom ng alak, at mga lalaking malakas sa paghahalo ng matapang na inumin: 23 na nagpapatotoo sa masama dahil sa kaloob, at inaalis ang kabanalan sa banal! 24 Kaya't kung paanong ang dila ng apoy ay pumupugnaw ng dayami, at kung paanong ang tuyong damo ay lumulubog sa alab, gayon magiging parang kabulukan ang kanilang ugat, at ang kanilang bulaklak ay lilanglang na parang alabok: sapagka't kanilang itina-kuil ang kautusan ng PANGINOON ng mga hukbo, at niwalang kabuluhan ang salita ng Santo ng Israel.

25 Kaya't nag-alab ang galit ng PANGINOON laban sa kaniyang bayan, at iniinat niya ang kaniyang kamay laban sa kanila, at mga sinugatan, at ang mga burol ay nanginig, at ang kanilang mga bangkay ay naging parang dumi sa gitna ng mga langganan. Sa labat ng ito ay hindi napawi ang kaniyang galit, kundi lumaging nakaunat ang kaniyang kamay. 26 At siya'y magtataas ng tanda sa mga nacion mula sa malayo, at susutsot sa kanila mula sa wakas ng lupa: at, narito, sila'y



darating ng maliksing pagmamadali; 27 walang mapapagod o matutisod man sa kanila; walang iidlip o matutulong man; at hindi man kakalagin ang pamigkis ng kanilang mga balakang, o mapapatid man ang mga panali ng kanilang mga panyapak: 28 na ang kanilang mga pana ay hasa at lahat nilang bosog ay nakaakma; ang mga kuko ng kanilang mga kabayo ay maibibilang na parang kiskisang bato, at ang kanilang mga gulong ay parang ipopipo: 29 ang kanilang uungal ay magiging gaya ng leon, sila'y uungal na gaya ng mga batang leon: 30, sila'y uungal, at hahawak sa huli, at dadalhing ligtas, at walang magliligtas. 30 At sila'y uungal na laban sa kanila sa araw na yaon na gaya ng hugong ng dagat: at kung ang isa ay tumingin sa lupain, narito, kadiliman at kapanlawan, at ang liwanag ay nagdilim sa mga alapaap niya.

**6** Ng taon na mamatay ang haring Uzias ay nakita ko ang PANGINOON na nauupo sa isang loklokan, matayog at mataas, at pinupuno ang templo ng kaniyang laylayan. 2 Sa itaas niya ay nakatayo ang mga serafin: bawa't isa'y may arim na pakpak; na may dalawa na tumatakip ng kaniyang mukha, at may dalawa na tumatakip ng kaniyang mga paa, at may dalawa na naglilipad sa kaniya. 3 At nagsisigawang isa't isa, at nagsasabing: Santo, santo, santo, ang PANGINOON ng mga hukbo: ang boong lupa ay napupuno ng kaniyang kalualhatian. 4 At ang mga cimientong ng mga tuntungan ay nakilos sa voces ng sumisigaw, at ang bahay ay napuno ng usok. 5 Ng magkagayo'y sinabi kong: Sa aba ko sapagka't ako'y napahamak; sapagka't ako'y lalaking may maruming mga labi, at ako'y tumatahan sa gitna ng bayan na may maruming mga labi: sapagka't nakita ng aking mga mata ang Hari, ang PANGINOON ng mga hukbo. 6 Ng magkagayo'y lumipad ang isa sa mga serafin sa akin, na may baga sa kaniyang kamay, na kaniyang kinuha ng mga gunting sa altar: 7 at hinipo niya noon ang aking bibig, at nagsabing: Narito, hinipo nito ang iyong mga labi; at ang iyong kasaman-an ay naalis, at ang iyong kasalanan ay nalinis. 8 At narinig ko ang voces ng PANGINOON, na nagsabing: Sinong susuguin ko, at sinong yayaon sa ganang atin? Ng magkagayo'y sinabi kong: Narito ako; suguin mo ako. 9 At sinabi niyang:

Ikaw ay yumaon, at saysayin mo sa bayang ito: Inyong naririnig na tunay, nguni't hindi ninyo natatalos; at nakikita ninyo na tunay, nguni't hindi ninyo namamalas. 10 Iyong patabain ang puso ng bayang ito, at iyong pagigatin ang kanilang mga pakinig, at iyong ipikit ang kanilang mga mata; baka sila'y makakita ng kanilang mga mata, at makarinig ng kanilang mga pakinig, at makatalos ng kanilang puso, at magbalik-loob, at magamot. 11 Ng magkagayo'y sinabi kong: PANGINOON, ¿hangang kailan? At siya'y sumagot: Hangang sa ang mga ciudad ay magiba na walang tumahan, at ang mga bahay ay mawalan ng tawo, at ang lupain ay maging lubos na giba, 12 at ilayo ng PANGINOON ang mga tawo, at ang mga nilimot na lugar ay dumami sa gitna ng lupain. 13 At kung magkaroon ng ikasampung bahagi doon, mapupugnaw uli: parang isang roble, at parang isang encina, na ang puso ay naiwan pagka mga pinutol; gayon ang santong binhi ay siyang puso noon.

**7** At nangyari, ng mga kaarawan ni Ahaz na anak ni Jotam, anak ni Uzias, na hari sa Juda, na si Rezin na hari sa Siria, at si Peka na anak ni Remalias, hari sa Israel, sumampa sa Jerusalem upang bumaka laban doon; nguni't hindi nanaig laban doon. 2 At nasaysay sa bahay ni David, na sinabing: Ang Siria ay nalakipsa Efraim. At ang puso niya'y nakilos at ang puso ng kaniyang bayan na gaya ng mga punong kahoy sa gubat na kinilos ng hangin.

3 Ng magkagayo'y sinabi ng PANGINOON kay Isaias: Ikaw ay lumabas na iyong salubungin si Ahaz, ikaw, at si Sear-jasub na iyong anak, sa dulo ng agusan ng tipunan ng tubig na lalong mataas, sa maluang na langangan ng parang ng batanero: 4 at sabihin mo sa kaniyang: Ikaw ay mag-ingat, at tumahimik ka; huag kang matakot, o manlupaypay man ang iyong puso, ng dahil sa dalawang buntot na apoy na ito na umuusok, ng dahil sa mabangis na galit ng Rezin at Siria at ng anak ni Remalias. 5 Dabil sa ang Siria ay pumayo ng masama laban sa iyo, ang Efraim naman, at ang anak ni Remalias, na nagsabing: 6 Tayo'y sumampa laban sa Juda, at ating bagabagin at gawin nating isang sira sa atin, at tayoy maglagay ng hari sa gitna noon, ang anak ni Tabeal: 7 ganito ang sabi ng Pangin-

noong Dios: Hindi tatayo o mangyayari man. **8** Sapagka't ang ulo ng Siria ay ang Damasko, at ang ulo ng Damasko ay ang Rezin: at sa loob ng anim na puo't limang taon ay magkakapirapiraso ang Efraim, upang luag maging bayan: **9** at ang ulo ng Efraim ay Samaria, at ang pangulo ng Samaria ay ang anak ni Remalias. Kung kayo'y hindi maniniwala, tunay na hindi kayo matatag.

**10** At ang PANGINOON ay nagsalita uli kay Ahaz, na nagsabing: **11** Humingi ka sa ganang iyo ng tanda ng PANGINOONG iyong Dios; humingi ka maging sa kalaliman, o sa kaitaasan sa itaas. **12** Ngunit sinabi ni Ahaz: Hindi ako hihingi, o tutuksuhin ko man ang PANGINOON. **13** At kaniyang sinabing: Inyong dingin ngayon, Oh bahay ni David; kaunting bagay ba sa inyo ang pumagod sa mga lalaki na inyong papagurin pati ng aking Dios? **14** Kaya't ang Panginoon ay magbibigay sa inyo ng tanda, narito, isang virgen ay maglilihi, at manganganak ng isang lalaki, at tatawagin ang kaniyang pangalan na Emmanuel. **15** Mantekilla at pulot kakain siya, pagka siya'y natutong tumangi sa kasam-an, at pumili ng mabuti. **16** Sapagka't bago malalaman ng bata na tumangi sa kasam-an, at pumili ng mabuti, ay bilimutin ang lupain na may dalawang hari na iyong kinapopootan. **17** Ang PANGINOON ay magdadala sa iyo at sa iyong bayan, at sa babay ng iyong magulang ng mga araw na hindi nangyari mula ng araw na humiwalay ang Efraim sa Juda; ang hari sa Asiria.

**18** At mangyayari sa araw na yaon, na susutsutan ng PANGINOON ang langaw na nasa kahulihuhang bahagi ng mga ilog ng Egipto, at ang bubuyog na nasa lupain ng Asiria. **19** At sila'y darating, at magpapahinga silang lahat sa mga gibang libis, at sa mga puang ng mga bato, at sa lahat ng mga siitan, at sa lahat ng mga sukal.

**20** Sa araw na yaon ay aahit ang PANGINOON ng pang-ahit na inupahan, sa nasa mga bahagi sa dako roon ng Ilog, sa hari sa Asiria, ang ulo at ang balahibo ng mga paa: at aalisin din ang balbas.

**21** At mangyayari sa araw na yaon, na ang lalaki ay mag-aalaga ng guyang baka, at ng dalawang tupa; **22** at mangyayari, na dahil sa kasaganaan ng gatas na kanilang ibibigay ay kakain siya ng mantekilla: sapagka't mantekilla't pulot ay kakanin ng bawa't isa na naiwan sa gitne ng lupain

**23** At mangyayari sa araw na yaon, na ang bawa't lugar na kinaroroonan ng libong mga puno ng uvas na naghahalagang isang libong siklong pilak, ay malalagay sa mga siitan at sa mga dawag. **24** Paroroonoon na may mga pana at may bosog; sapagka't ang beong lupain ay magiging mga siitan at mga dawag. **25** At ang lahat na burol na hinukay ng azarol, hindi mo paroroonan dahil sa takot sa mga siitan at mga dawag, kungdi magiging pawalalan ng mga baka, at yurakan ng mga tupa.

**8** At sinabi ng PANGINOON sa aking: Kumuha ka ng malapad na tabla, at sulatan mo ng panulat ng lalaki: Para kay Maher-shalal-hash-baz; **2** at magdadala ako ng mga tapat na saksi upang magpaalala; si Urias na sacerdote, at si Zakarias na anak ni Jeberekias. **3** At ako'y naparoon sa profetisa; at siya'y nag-lihi, at nanganak ng isang lalaki. Ng inagkagayo'y sinabi ng PANGINOON sa aking: Tawagin mo ang kaniyang pangalan na Maker-shalal-hash-baz. **4** Sapagka't bago ang anak ay matutong dumaing ng: Ama ko, at: Ina ko, ang mga kayamanan ng Damasko at ang samsam sa Samaria ay aalisin sa harap ng hari sa Asiria.

**5** At nagsalita pa ang PANGINOON uli sa akin, na nagsabing: **6** Sa paraang tinangihan ng bayang ito ang mga tubig ng Siloah na umaagos na marahan, at siya'y nagagalak kay Rezin at sa anak ni Remalias; **7** ngayon nga, narito, isinasampa ng Panginoon sa kanila ang mga tubig ng Ilog, malakas at marami, ang hari sa Asiria at ang boo niyang kalualhatian; at sasampa sa lahat niyang mga bangbang, at aapaw sa boo niyang baybayin: **8** at aagos sa dako ng Juda; babaha at magpapatuloy; aabot hangang sa leeg; at ang pagdadlad ng kaniyang mga pakpak ay pupunuin ang kaluungan ng iyong lupain, Oh Emmanuel.

**9** Kayo'y magsamasama, Oh mga bayan, at kayo'y mangagkakapirapiraso; at kayo'y makinig, kayong lahat na malayong lupain: nuangbigkis kayo, at kayo'y mangagkakapirapiraso; kayo'y mangagbigkis, at kayo'y mangagkakapirapiraso. **10** Mangagsangunian kayo at mawawalan ng kabuluhan; magsalita kayo ng salita at hindi matatayo: sapagka't ang Dios ay sumasaamin. **11** Sapagka't ang PANGINOON ay nagsalitag ganito sa akin na may malakas na kamay, at tinuruan ako

na huag lumakad ng lakad ng bayang ito, na sinabing: **12** Huag ninyong sabihing: Pagbabanta, tungkol sa lahat na sasabihin ng bayang itong: Pagbabanta; at huag mang matakot kayo sa kanila, o malagay man sa katakutan sa kaniya. **13** Ang PANGINOON ng mga hukbo, siya ang inyong santohin; at sumakaniya ang inyong takot, at sumakaniya ang inyong katakutan. **14** At siya'y magiging pinakasantuari; nguni't pinakabatong katituisuran at pinakabatong pangalit sa dalawang bahay ng Israel, na pinakabitag at pinakasilo sa mga mananahan sa Jerusalem. **15** At marami ang matitiso'd doon, at mabubual, at mababalian, at masisilo, at mahuhuli.

**16** Talian mo ang patotoo, tatakan mo ang kautusan sa gitna ng aking mga alagad. **17** At aking ihintayin ang PANGINOON na nagkukubli ng kaniyang mukha sa bahay ng Jakob, at aking hahanapin siya. **18** Narito, ako at ang mga anak na ibinigay ng PANGINOON na mga pinakatanda at pinakababalaghan sa Israel na mula sa PANGINOON ng mga hukbo, na tumatahan sa bundok ng Sion.

**19** At pagka kanilang sasabihin sa inyong: Hanapin ninyo silang may espiritu na kasamasama, at mga manghuhula, na humuhuni at bumubulong: Hindi ba marapat na sangunian ng bayan ang kanilang Dios? Dahil ba sa buhay ay sasangunin sa patay? **20** Sa kautusan at sa patotoo! kung hindi sila magsalita ng ayon sa salitang ito, tunay na walang umaga sa kanila. **21** At sila'y daraan, na matigas at gutom: at mangyayari, na pagka sila'y magugutom, sila'y mangagagalit, at susumpa alang-alang sa kanilang hari at sa kanilang Dios, at ititingala nila ang kanilang mga mukha: **22** at sila'y tutungo sa lupa, at, narito, kapanlawan at kadiliman, ang kalunkutan ng pagdadalambati, at sa salimuot na kadiliman ay itataboy sila.

**9** Nguni't hindi magkakaroon ng kalunkutan sa kaniya na napipighati. Ng unang panahon ay dinala niya sa pagkawalang kabuluhan ang lupain ng Zabulon at ang lupain ng Neftali, nguni't sa huling panahon ay ginawa niyang malualhati, sa daang patungo sa dagat, sa dako roon ng Jordan, ng Galilea ng mga nasyon. **2** Ang bayan na lumalakad sa kadiliman ay nakakita ng malaking liwanag: silang tumatahan sa lupain ng lilim ng kamatayan, sa kanila sumilang ang liwanag. **3** Iyong

pinarami ang nasyon, iyong pinalago ang kagalakan: sila'y nagagalak sa harap mo ayon sa kagalakan sa pag-nani, gaya ng kung ang mga tawo ay nagagalak pagka nagbabahagi ng samsam. **4** Sapagka't ang pamatok na kaniyang pasan, at ang pinga ng kaniyang balikat, ang pamalo ng mamimighati sa kaniya, iyong sinira na gaya ng kaarawan ng Madian. **5** Sapagka't ang lahat na sakbat ng nasasakbatang tawo sa kaguluhan, at ang mga kasuotang nagugumon sa dugo ay magiging sa pagkasumog, sa mitsa ng apoy. **6** Sapagka't sa atin ay ipinanganak ang isang bata, sa atin ay ibinigay ang isang anak na lalaki; at ang pamamahala ay malalagay sa kaniyang balikat: at ang kaniyang pangalan ay tawawaging Kamanghamanga, Tagapayo, Makapangyarihang Dios, Walang hangang Ama, Puno ng Kapayapaan. **7** Sa kalaguan ng kaniyang pamamahala at ng kapayapaan ay hindi magkakaroon ng wakas, sa luklukan ni David, at sa kaniyang kaharian, upang itatag, at upang alalayan ng kahatulan at ng kabanalan mula ngayon hangang sa magpakailan man: Palalaguin ito ng sikap ng PANGINOON ng mga hukbo.

**8** Nagusto ang Panginoon ng salita sa Jakob, at lumiwanag sa Israel. **9** At malalaman ng boong bayan ng Efraim, at ng mananahan sa Samaria, na nag-asabi sa kapalaluan at sa pagmamataas ng puso: **10** Ang mga ladrillo ay nahulog, nguni't aming itatayo ng hinichurahang bato: ang mga sikomero ay naputol, nguni't aming mga papalitan ng mga cedro. **11** Kaya't mga itataas ng PANGINOON laban sa kaniya ang mga kaaway ng Rezin, at hihikayat ng kaniyang mga kaalit: **12** ang mga taga Siria sa unahan, at ang mga Filisteo sa likuran; at kanilang lalamunim ang Israel ng bukung bibig. Sa lahat na ito ang kaniyang galit ay hindi napawi, kungdi ang kaniyang kamay ay nakalaging nauunat.

**13** Gayon ma'y ang bayan ay hindi nagbalik-loob sa kaniya na sumagot sa kanila, o hinanap man nila ang PANGINOON ng mga hukbo. **14** Kaya't ihihwalay ng PANGINOON sa Israel ang ulot buntot, ang sanga ng palma at ang tambo, sa isang araw. **15** Ang matanda at ang kagalang-galang na tawo, siyang ulo; at ang profeta na nagtuturo ng mga kabulaanan, siyang buntot. **16** Sapagka't silang pumapatnubay ng bayang ito ay siyang nagliligaw; at silang pinapatnubayan ay nagigiba.

**17** Kaya't ang PANGINOON ay hindi magagalak sa kanilang mga binata, o mahahabag man sa kanilang mga ulila at mga babayeng bao: sapagka't lahat ay marumi at mangagawa ng kasam-an, at lahat ng bibig ay nagsasalita ng kamangmangan. Sa lahat na ito ang galit niya ay hindi napawi, kungdi ang kaniyang kamay ay nakalaging unat.

**18** Sapagka't ang kasam-an ay sumusunog na parang apoy; pumupugnaw ng mga siitan at mga dawag: oo, nag-aalab sa kasalimuotan sa gubat, at gumugulong na paitaas sa mga masingsing alapaap na usok. **19** Sa pag-iinit ng PANGINOON ng mga hukbo ay nasusunog ang lupain: ang bayan naman ay parang kusot sa apoy; walang lalaking mahahabag sa kaniyang kapatid. **20** At isa'y susungab ng kanang kamay at magugutom; at kakain ng kaliwa, at hindi sila mabubusog: sila'y kakain bawa't isa ng laman ng kaniyang sariling kamay: **21** Ang Manases, ay sa Efraim; at ang Efraim, ay sa Manases: at sila kapua ay magiging laban sa Juda. Sa lahat na ito ang galit niya ay hindi napawi, kungdi ang kaniyang kamay ay nakalaging unat.

**10** Sa aba nila na nagpapasiya ng hindi mga matuid na pasiya, at sa mga manunulat na sumusulat ng mga kasam-an: **2** upang iligaw ang mapagkailangan sa kahatulan, at upang alisin ang matuid ng dukha ng aking bayan, upang ang mga babayeng bao ay maging kanilang samsam, at upang kanilang gawing kanilang huli ang mga ulila! **3** At ano ang inyong gagawin sa araw ng pagdalaw, at sa kagibaan na mangagaling sa malayo? Sa kanino kayo magsasakdal upang kayo'y tulungan? At saan ninyo iiwan ang inyong kalualhatian? **4** Sila'y yuyukod na mababa kay sa mga bihag, at mabubual sa ilalim ng patay. Sa lahat ng ito ang galit niya ay hindi napawi, kungdi ang kaniyang kamay ay nakalaging unat.

**5** Ah taga Asiria, na pamalo ng aking galit, ang tungkod sa kaniyang kamay ay aking galit! **6** Aking susuguin siya laban sa maruruming nasyon, at laban sa bayan ng aking pag-iinit ay bibilinan ko siya; upang kumuha ng samsam, at upang kumuha ng huli, at mga yapakan na gaya ng putik ng mga langganan. **7** Gayon ma'y hindi niya inaakalang gayon, o inisip mang gayon ng kaniyang puso; kungdi ang nasa kaniyang puso ay gumiba,

at maghiwalay ng mga nasyon na hindi kaonti. **8** Sapagka't kaniyang sinasabing: Hindi ba ang aking mga pangulo ay hari silang lahat? **9** Hindi ba ang Kaluo ay parang Karkemis? Hindi ba ang Hamat ay parang Arpad? Hindi ba ang Samaria ay parang Damasko? **10** Kung paanong nakasumpung ang aking kamay ng mga kaharian ng mga idolo, na ang mga larawang hinichurahan ay mga higit kay sa Jerusalem at sa Samaria; **11** Hindi ko ba gagawing gayon sa Jerusalem at sa kaniyang mga idolo ang gaya ng ginawa ko sa Samaria at sa kaniyang mga idolo?

**12** Kaya't mangyayari, na pagka'nagap nap ng Panginoon ang boong kaniyang gawa sa bundok ng Sion at sa Jerusalem, aking parurusahan ang bunga ng palalong puso ng hari sa Asiria, at ang kalualhatian ng kaniyang mga mapagmataas na tingin. **13** Sapagka't kaniyang sinabing: Aking ginawa ito sa kalakasan ng aking kamay at sa aking karunungan; sapagka't ako'y mabait: at aking binago ang mga patoto ng mga bayan, at ninakaw ko ang kanilang mga kayamanan, at ibinaba kong parang matapang na lalaki silang nangakaupo sa mga luklukan: **14** at nasumpungan ng aking kamay ng parang pugad ng mga kayamanan ng mga bayan; at gaya ng pumupulot ng mga itlog na napabayaan ay aking pinulot ang boong lupa: at walang magkilos ng pakpak, o magbuka ng bibig, o magpaalatiit. **15** Magmamapuri ba ang palakol laban sa nagpupulot noon? Nakapagmamalaki ba ang lagari laban sa humahawak noon? parang kung ang pamalo ay makapagpapanginig sa kanila na nagtataas noon, o parang kung ang tungkod ay magtataas sa tauo na hindi kahoy.

**16** Kaya't ang Panginoon, ang PANGINOON ng mga hukbo, magsusugo sa gitna ng kaniyang mga mataba ng panlalata; at sa ilalim ng kaniyang kalualhatian ay magkakaroon ng pagniningas na gaya ng ningas na apoy. **17** At ang liwanag ng Israel ay magiging pinakaapoy, at ang kaniyang Santo ay pinakaliab: at magniningas at susupukin ang kaniyang mga dawag at mga siitan sa isang araw. **18** At kaniyang pupugnawin ang kalualhatian ng kaniyang gubat, at ng kaniyang mabungang bukid, ang kalulua at gayon din ang katawan: at magiging gaya ng kung nanlulupaypay ang

may dala ng bandila. 10 At ang nalabi sa mga puno ng kahoy ng kaniyang gubat ay mangangaonti, na ano pa't mgaisulat ng bata.

20 At mangyayari sa araw na yaon, na ang nalabi sa Israel, at ang mga nakataanan sa bahay ng Jakob, hindi na malalagay pa uli sa kaniya na sumugat sa kanila; kungdi malalagay sa PANGINOON, sa Santo ng Israel, sa katotohanan.

21 Ang nalabi ay magbabalik, ang nalabi sa Jakob, sa makapangyarihang Dios.

22 Sapagka't бага man ang iyong bayang Israel ay magiging parang buhangin sa dagat, ang isang nalabi lamang sa kanila ang magbabalik-loob: ang kagibaan ay naipasiya, na umaagos ng kabanalan. 23 Sapagka't ang kagibaan, at ang ipinasiya, gagawin ng Panginoon, ng PANGINOON ng mga hukbo sa gitna ng boong lupa.

24 Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon, ng PANGINOON ng mga hukbo: Oh bayang kong tumatahan sa Sion, huag kang matakot sa mga taga Asiria; бага man ikaw ay sinugatan niya ng pamalo at nagtaas ng kaniyang tungkod laban sa iyo, ayon sa paraan ng Egipto. 25 Sapagka't sandali pa, at ang pagkagalit ay magaganap, at ang aking galit, sa kanilang kagibaan. 26 At pupukawin siya ng pamalo ng PANGINOON ng mga hukbo, na gaya ng pagpatay sa Madian sa bato ng Oreb: at ang kaniyang pamalo ay malalagay sa dagat, at kaniyang itataas ng ayon sa paraan ng Egipto. 27 At mangyayari sa araw na yaon, na ang pasan niya ay mahihiwalay sa iyong balik, at ang kaniyang pamatok sa iyong leeg, at ang pamatok ay magigiba dahil sa pahid.

28 Siya'y dumating sa Ayat, siya'y nagdaan sa Migron; sa Mikmas inilalapag niya ang kaniyang mga dala: 29 sila'y nagdaraan sa landas; sila'y tumuloy na nagpahinga sa Geba; ang Rama ay nanginginig; ang Gabaa ni Saul ay tumatakas. 30 Humiyaw kang malakas ng iyong voces, Oh anak na babaye ng Gallim! duminig ka, Oh Lais! Oh ikaw na kawawang Anatot! 31 Madmena ay gala; ang mga mananahan sa Gebim ay nagpipisan upang tumakas. 32 Sa araw ding ito ay titigil siya sa Nob: kaniyang ibinabala ang kaniyang kamay sa bundok ng arak na babaye ng Sion, na burol ng Jerusalem.

33 Narito, ang Panginoon, ang PANGINOON ng mga hukbo, babaltak na kakila-

kilabot ng mga sanga: at ang mga may mataas na kataasan ay ibubual, at ang mapagtaas ay mabababa. 34 At kaniyang puputulin ang mga kasalimutan ng gubat sa pamamagitan ng bakal, at ang Libano ay mabubual sa pamamagitan ng isang makapangyarihan.

11 At may lalabas na usbong sa puno ni Isai, at sanga mula sa kaniyang mga ugat ay magbubunga: 2 at ang espiritu ng PANGINOON ay magpapahinga sa kaniya, ang espiritu ng karunungan at ng kaalaman, ang espiritu ng payo at ng katibayan, ang espiritu ng katalinuan at ng takot sa PANGINOON; 3 at ang kaniyang kaaliwan ay magiging sa takot sa PANGINOON: at hindi siya habatol ng ayon sa pangingin ng kaniyang mga mata, o sasaway man ng ayon sa pakinig ng kaniyang mga tainga: 4 nguni't habatol siya ng kabanalan sa dukha, at sasaway na may katapatan dahil sa mahina sa lupa: at sasaktan niya ang lupa ng pamalo ng kaniyang bibig, at ng hinga ng kaniyang mga labi ay kaniyang papatayin ang masama. 5 At kabanalan ang magiging bigkis ng kaniyang mga balakang, at pagtatapat ang pamigkis ng kaniyang mga pag-iisip. 6 At ang lobo ay tatahang kasama ng cordero, at ang leopardo ay mahihigang kasiping ng anak ng kambing; at ang guya, at ang anak ng leon, at ang patabain na magkakasama; at mga papatnubayan ng munting bata. 7 At ang baka at ang oso ay sasasab; ang kanilang mga anak ay mahihigang magkakasiping: at ang leon ay kakain ng dayami na gaya ng baka. 8 At ang batang pasusubin ay maglalaro sa lunga ng ahas, at isusuot ng batang kahihwalay sa suso ang kaniyang kamay sa yungib ng ulupong. 9 Hindi sila gagalaw o sisira man sa aking boong santong bundok: sapagka't ang lupa ay mapupuno ng kasaliman ng PANGINOON, gaya ng mga tubig na tumatakip sa dagat.

10 At mangyayari, sa araw na yaon, na ang ugat ni Isai, na tumatayong pinakatanda ng mga bayan, habanapin siya ng mga nasyon; at ang kaniyang pahingahan ay magiging malualhati.

11 At mangyayari, sa araw na yaon, na ilalapag ng Panginoon uli ang kaniyang kamay na ikalawa upang mabawi ang nalabi sa kaniyang bayan na malalabi, mula sa Asiria, at mula sa Egipto, at mula sa Patros, at mula sa Kus, at

mula sa Elam, at mula sa Sinar, at mula sa Hamat, at mula sa mga pulo ng dagat. **12** At siya'y maglalagay ng pinakatanda sa mga nasyon, at magpupulong ang mga tapon na mula sa Israel, at pipisanin ang nangalat sa Juda mula sa apat na sulok ng lupa. **13** Ang ingit naman ng Efraim ay maalis, at ang mga pumipighati ng Juda ay mahihiwalay: ang Efraim ay hindi malingit sa Juda, at ang Juda ay hindi pipighati sa Efraim. **14** At sila'y lilipad sa balikat ng mga Filisteo sa kalunuran; magkasamang sasamsam sila sa mga anak ng silanganan: kanilang iunat ang kanilang kamay sa Edom at sa Moab; at susundin sila ng mga anak ng Ammon. **15** At lubos na gigibain ng PANGINOON ang dila ng dagat ng Egipto; at iwawaswas ang kaniyang kamay sa Ilog ng kaniyang malakas na hangin, at susugatan siya na papagpipituhing batis, at palalakaran ang mga tawo na walang basang paa. **16** At magkakaroon ng isang maluug na daan sa nalabi sa kaniyang bayan, na malalabi mula sa Asiria; gaya ng nagkaroon sa Israel sa araw na siya'y sumampa mula sa lupain ng Egipto.

**12** At sa araw na yaon ay iyong sasabihing: Ako'y pasasalamat sa iyo, Oh PANGINOON; sapagka't baga man ikaw ay nagalit sa akin, ang iyong galit ay napawi, at iyong inaaliw ako. **2** Narito, Dios ay aking kaligtasan; ako'y aasa, at hindi ako matatakot: sapagka't ang PANGINOONG SI JEHOVA ay aking katibayan at awit; at siya'y naging aking kaligtasan. **3** Kaya't kayo'y iigib ng tubig sa mga balon ng kaligtasan na may kagalakan. **4** At sa araw na ya'y inyong sasabihing: Magpasalamat kayo sa PANGINOON, kayo'y tumawag sa kaniyang pangalan, ibhayg ninyo ang kaniyang mga gawa sa mga bayan, kayo'y bumangit na ang kaniyang pangalan ay pinupuri. **5** Kayo'y umawit sa PANGINOON; sapagka't siya'y gumawa ng mga marilal na bagay: malamam ito sa boong lupa. **6** Ikaw ay humiyaw ng malakas at sumutsot, ikaw na mananahan sa Sion: sapagka't dakila ang Santo ng Israel sa gitna mo.

**13** Ang pasan ng Babilonia na nakita ni Isaias na anak ni Amoz.

**2** Kayo'y maglagay ng tanda sa hubad na bundok, magtaas kayo ng voces sa kanila, inyong kawayan ng kamay, upang

sila'y pumasok sa mga pintuang-daan ng mga mahal. **3** Aking inutusan ang aking mga itinalaga, oo, aking tinawag ang aking mga makapangyarihang lalaki dahil sa aking galit, ang aking mga nagpapahilo. **4** Ang ingay ng karamihan sa mga bundok, gaya ng malaking bayan! Jang ingay ng kagulo ng mga kabarian ng mga nasyon na nagpipisan! pinipisan ng PANGINOON ng mga hukbo ang hukbo para sa pagbabaka. **5** Sila'y nagmumula sa malayong lupain, mula sa kaduluduluhang bahagi ng langit, ang PANGINOON, at ang mga sabbat ng kaniyang galit, upang gibain ang boong lupain. **6** Uma-nga kayo; sapagka't ang araw ng PANGINOON ay walapit; na parang paggiba na mula sa Makapangyarihan-sa-lahat na darating. **7** Kaya't lahat ng kamay ay manghibina, at baw't puso ng lalaki ay matutunaw: **8** at sila'y mangingilabot; mga pagkapighati at mga kapanlawan ay hahuwak sa kanila; sila'y malalagay sa sakit na parang babaye sa pagdaramdam: manggagakamanghaan; ang kanilang mga mukha ay magiging mga mukha ng alab. **9** Narito, ang kaarawan ng PANGINOON ay dumarating, mabagsik, na may pag-iinit at mabangis na galit; upang gawin na lupaing giba, at upang lipulin ang mga makasalanan niya mula roon. **10** Sapagka't ang mga bituin sa langit at ang mga gayak noon, hindi magbibigay ng kanilang liwanag: ang araw ay magdidilim sa kaniyang pagsikat, at hindi pasisilangin ng buan ang kaniyang liwanag. **11** At aking parurusahan ang sanlibutan dahil sa kanilang kasam-an, at ang aking patitigilin ang kahambugan ng palalo, at aking ibababa ang kapalaluan ng kakilakilabot. **12** At aking gagawing ang isang lalaki ay maging mahalaga kay sa dalisay na ginto, ang tawo na higit kay sa dalisay na ginto sa Ofir. **13** Kaya't aking panginigingin ang mga langit, at ang lupa ay lilindol mula sa kaniyang lugar, sa pag-iinit ng PANGINOON ng mga hukbo, at sa kaarawan ng kaniyang mabangis na galit. **14** At mangyayari, parang usang binahabol, at parang mga tupa na walang pumisan, na magsisibalik sila baw't isa sa kaniyang sariling bayan, at tatakas baw't isa sa kaniyang sariling lupain. **15** Baw't masusumpungan ay palalagpasan; at baw't naluli ay mabubual sa tabak. **16** Ang kanilang mga sangol ay pagpipirasihin sa

harap ng kanilang mga mata; ang kanilang mga bahay ay masasamsaman, at ang kanilang mga asawa ay madadahas. **17** Narito, aking hihikayatin ang mga Medo laban sa kanila, na hindi makikinig sa pilak, at tungkol sa ginto, hindi nila kinalaluguran. **18** At pagpipirapirahin ng kanilang mga bosog ang mga binata; at sila'y hindi maaawa sa bunga ng bahay-bata; ang kanilang mata ay hindi magpapatawad ng mga bata. **19** At ang Babilonia, ang kalualhatian ng mga kaharian, ang kagandahan ng kapalaluan ng mga Kaldeo, magiging gaya ng gibain ng Dios ang Sodoma at Gomorra. **20** Hindi matatahanan kailan man, o tataan man sa lahi't lahi: o magtatayo man doon ang taga Arabia ng dampa; o pahihigain man doon ng mga pastor ang kanilang kawan. **21** Kungdi mga mabangis na hayop sa ilang ang hihiga doon; at ang kanilang mga bahay ay mapupuno ng mga hayop na umuungal; at mga avestruz ay tataan doon, at ang mga lalaking kambing ay sasayaw doon. **22** At ang mga lobo ay hihiyaw sa kanilang mga palacio, at ang mga chakal sa mga maligayang palacio: at ang kanilang panahon ay malapit ng dumating, at ang kanilang mga araw ay hindi hababa.

**14** Sapagka't ang PANGINOON ay maaawa sa Jakob, at pipiliin pa ang Israel, at ilalagay sila sa kanilang sariling lupain: at ang taga ibang lupa ay lalakup sa kanila, at sila'y masasanib sa bahay ng Jakob. **2** At kukunin sila ng mga bayan, at dadalhin sila sa kanilang lugar: at aarin sila ng bahay ng Israel sa lupain ng PANGINOON, na mga pinakaaliping lalaki at babaye: at bibihagin nila sila, na bumihag sa kanila; at magpupuno sila sa mga mang-aapi sa kanila.

**3** At mangyayari, sa araw na magbibigay ang PANGINOON sa iyo ng kapahingahan sa iyong kapanlawan, at sa iyong kabagabagan, at sa mabigat na paglilingkod na ipinapaglingkod, **4** na iyong gagamitin ang talinhagang ito laban sa hari ng Babilonia, at iyong sasabihing: Bakit ang mang-aapi ay naglikat! ang ciudad na ginto ay naglikat. **5** Binali ng PANGINOON ang tungkod ng masama, ang cetro ng mga puno; **6** na sumugat ng mga bayan sa pag-iinit ng walang likat na bugbog, na nagpuno sa mga nasyon sa galit, na may paghabol na walang pag-

igil. **7** Ang boong lupa ay nasa kapayapaan: at may katahimikan: sila'y nagbibiglang umaawit. **8** Oo, ang puno ng cipres ay nagagalak sa iyo, at ang mga cedro sa Libano, na nagsasabing: mula ng ikaw ay mahiga, wala ng mamunotol na sumasampa laban sa amin. **9** Ang libingan mula sa ibaba ay nakikilos sa iyo upang salubungin ka sa iyong pagdating: napupukaw ang mga patay dahil sa iyo, ang lahat na mahal sa lupa; nagbangon mula sa kanilang mga luklukan ang lahat ng hari ng mga nasyon. **10** Silang lahat ay sasagot at magsasabi sa iyong: ; Pati ikaw ba'y naging mahinang gaya namin? ; ikaw ba'y naging gaya namin? **11** Ang iyong kahambugan ay nababa sa libingan at ang tunog ng iyong mga viola: ang uod ay nangangalat sa ilalim mo, at mga uod ay tumatakip sa iyo. **12** ; Bakit ikaw ay nahulog mula sa langit, Oh tala sa umaga, anak ng umaga! ; paabong ikaw ay nahiwalay sa lupa, na siyang nagpahina sa mga nasyon! **13** At sinabi ng sa iyong pusong: Ako'y sasampa sa langit, aking itataas ang aking luklukan sa itaas ng mga bituin ng Dios; at ako'y nupo sa bendok ng kapulungan, sa mga kahuhulihang bahagi ng hilagaan: **14** Ako'y sasampa sa itaas ng mga kaitaasan ng mga alapaap; ako'y magiging gaya ng Kataastasaan. **15** Gayon may mabababa ka sa libingan, sa mga kahuhulihang bahagi ng hukay. **16** Silang nakakakita sa iyo ay magsisitig sa iyo, kanilang mamasan ka, na magsasabing: ; Ito ba ang lajaki, na nagpapanginig ng lupa, na nagpalindol ng mga kaharian; **17** na gumawa sa sanlibutan na parang ilang, at gumiba ng mga ciudad noon; na hindi nagpapawala ng kaniyang mga bihag upang umtwi? **18** Lahat ng hari ng mga nasyon, silang lahat, natutulog sa kalualhatian, baw't isa'y sa kaniyang sariling bahay. **19** Ngunit ikaw ay nahagis mula sa iyong libingan na gaya ng kasuklamsuklam na sangay, ng patay, na napalagpasan ng tabak, na bumaba sa mga bato ng hukay; parang bangkay na nayapakan ng paa. **20** Ikaw ay hindi malalakup sa kanila sa libingan, sapagka't iyong giniba ang iyong lupain, iyong pinatay ang iyong bayan; ang binhi ng mga mangagawa ng kasaman ay hindi lalagi magpakailan man. **21** Maghanda kayo ng pagpatay para sa kanilang mga anak, dahil sa kasaman ng kanilang mga magulang; upang sila'y huag buntangou

at mag-ari ng lupa, at magpuno sa ibabaw ng sanlibutan ng mga ciudad. **22** At ako'y babangon laban sa kanita, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, at ihihiwalay ko sa Babilonia ang pangalan at ang nalabi, at ang anak at ang anak ng anak, sabi ng PANGINOON. **23** Akin namang gagawing pinakaari ng hayop na erizo, at mga lawa ng tubig: at aking wawalisin ng walis ng kabigaban, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo.

**24** Ang PANGINOON ng mga hukbo ay sumumpa, na nagsabing: Tunay na kung ano ang inisip ko, gayon ang mangyayari; at kung ano ang aking inakala, gayon tatayo: **25** na aking lalansagin ang taga Asiria sa aking lupain, at sa aking mga bundok ay yayapakan ko siya sa ilalim ng paa: kung magkagayo'y bihiwalay ang kaniyang saklay sa kaniya, at ang kaniyang pasan ay bihiwalay sa kanilang balikat. **26** Ito ang pasiya na aking ipinasiya sa boong lupa: at ito ang kamay na naunat sa lahat ng nasyon. **27** Sapagka't pasiya ng PANGINOON ng mga hukbo, at sinong wawala ng kabuluhan? at ang kaniyang kamay na nakaunat, at sinong mag-uurong?

**28** Nagkaroon ng pasang ito ng taong mamatay ang haring Ahaz.

**29** Ikaw ay huag magalak, ikaw na boong Filistia, sa pagkabali ng tungkod na sumugat sa iyo: sapagka't sa ugat ng ahas ay lalabas ang ulupong, at ang kaniyang bunga ay magiging mabangis na ahas na lumilipad. **30** At ang pangnanay ng dukha ay kakain, at ang mapagkailangan ay mahihigang tiwasay: at aking papatayin ng gutom ang iyong ugat, at ang nalabi sa iyo ay mapapatay. **31** Ikaw ay umungal, Oh pintuang-daan; ikaw ay humiyaw, Oh ciudad; ikaw ay natunaw, Oh ikaw na boong Filistia, sapagka't lumalabas ang usok na mula sa hilagaan, at walang malalabi sa kaniyang mga takdang panahon. **32** Ano nga ang isasagot sa mga sugo ng nasyon? Na itinayo ng PANGINOON ang Sion, at doon sumisilong ang nagdadalamhati sa kaniyang bayan.

**15** Ang pasan ng Moab.

Sapagka't sa isang gabi ang Ar ng Moab ay nagiba, at nawalan ng kabuluhan; sapagka't sa isang gabi ay nagiba ang Kir ng Moab, at nawalan ng kabu-

luhan. **2** Siya'y sumampa sa Bayith, at sa Dibon, sa mga mataas na lugar, upang umiyak: ang Moab ay umuungal sa Nebo, at sa Medeba: sa lahat nilang ulo ay may kakalbulhan, bawata't balbas ay naahit.

**3** Sa kanilang mga langganan ay nagbigkis sila ng kayong magaspang: sa kanilang mga pulupo, at sa kanilang mga lual na lugar, umaangal ang lahat, na umiiyak na mainam. **4** At ang Hesbon ay humihiyaw, at ang Eleale; ang kanilang voces ay naririnig hangang sa Jahaz: kaya't ang mga lalaking nasasakabatan sa Moab ay humihiyaw ng malakas; ang kaniyang kalulua ay nanginginig sa loob niya. **5** Ang aking puso ay sumisigaw dahil sa Moab, ang kaniyang mga maginoo ay tumatabas na pasa Zoar, sa Eglath-shelishiyah: sapagka't sa sanipahan sa Lubit ay sumasampa silang may iyakan; sapagka't sa daan ng Horonsim ay naglalakas ng hiyaw ng kabigabn.

**6** Sapagka't ang mga tubig ng Nimrim ay natuyo: sapagka't ang damo ay natuyo, ang malambot na damo ay nalalanta, walong sariwang bagay. **7** Kaya't ang kasaganaan ay kanilang tinamo, at ang kanilang inilapag, ay kanilang dadalhin sa mga batis ng mga kahoy na sauces. **8** Sapagka't ang daing ay lumilibot sa mga hanganan ng Moab; ang angal niya ay hangang sa Eglaim, at ang angal niya ay hangang sa Beer-elim. **9** Sapagka't ang mga tubig ng Dimon ay puno ng dugo: sapagka't magdadala pa ako sa Dimon, ng isang leon sa nakataanan sa Moab, at sa nalabi sa lupain.

**16** Ipadala ninyo ang mga cordero para sa puno ng lupain mula sa Sela na nasa dakong ilang, hangang sa bundok ng anak na babaye ng Sion. **2** Sapagka't mangyayari, na kung paano ang mga ibong gumagala, kung paano ang mga kalat na pugad, magiging gayon ang mga anak na babaye ng Moab sa mga tawiran ng Arnon. **3** Kayo'y magbigay ng payo, gumawa ng kahatulan; inyong gawin ang inyong animo na gaya ng gabi sa gitna ng katanghalian tapat: ikubli ninyo ang mga tapon; huag mong iitaw ang gula. **4** Patirahin mo ang aking tapon na kasama mo; tungkol sa Moab, maging takip ka niya sa mukha ng mananamsam: sapagka't ang mangigiba ay nawalan ng kabuluhan, ang pagsamsam ay tigil, ang mga mang-aapi ay nahiwalay sa lupain. **5** At ang luklukan ay matatatag sa kaawaan, at isa'y uupo doop sa katotoha-



nan, sa dampa ni David; na humahatol at humahanap ng kahatulan, at nagmamadaling gumagawa ng kabanalan.

6 Aming narinig ang kapalaluan ng Moab, na siya'y totoong palalo; ang kaniyang kahambangan, at ang kaniyang kapalaluan, at ang kaniyang pag-iinit; ang kaniyang pagmamataas ay wala. 7 Kaya't aangal ang Moab dahil sa Moab, lahat ay aangal: dahil sa mga mamong pasas ng Kir-hareset ay tatangis kayo na lubos na namamanlaw. 8 Sapagka't ang mga bukid ng Hesbon ay nababasal, at ang uvasan ng Sibma; sinira ng mga ginoo ng mga nacion ang mga piling pananim noon; sila'y umabot hangang sa Jazer, sila'y gumagala sa ilang; ang kaniyang mga sanga ay nangalaladlad, sila'y dumadaan sa dagat. 9 Kaya't iyak ako ng iyak ng Jazer dahil sa uvasan ng Sibma: aking didiligin kita ng aking mga luha, Oh Hesbon, at Eleale: sapagka't sa iyong mga bunga ng tag-iinit at sa iyong pag-aani, dumating ang hiyaw sa pakikipagbaka. 10 At ang kasayahan ay naalis, at ang kagalakan sa mabunang bukid; at sa mga uvasan ay hindi magkakaroon ng mga awitan, o masayang ingay man: walang maayayapak na yayapak sa alak sa pisaan; aking pinatigil ang awitan sa pag-aani. 11 Kaya't ang aking tiyan ay tumutunog na parang alpa dahil sa Moab, at ang aking mga lamang-loob dahil sa Kir-hares. 12 At mangyayari, pagka ang Moab ay humarap, pagka siya'y napagod sa matnasa na lugar, at paroroon sa kaniyang santuario upang dumalangin, na hindi siya manaing.

13 Ito ang salita na sinalita ng PANGINOON tungkol sa Moab sa panahong nakaraan. 14 Nguni't ngayoy nagsalita ang PANGINOON, na nagsabing: Sa loob ng tatlong taon, na gaya ng mga taon ng isang upahan, at ang kaluwalhatian ng Moab ay magiging walang kabuluhan sampuo ng lahat niyang karamihan; at ang nalabi ay mangangaonti at walang halaga.

17 Ang pasan ng Damasko. Narito, ang Damasko ay naalis sa pagkacidad, at magiging isang buntong kasiraan. 2 Ang mga ciudad ng Aroer ay napabaya: magiging sa mga kawan, na hihiga, at walang magpapapanginig. 3 Ang katibayan naman ay maglilikat sa Efraim, at ang kaharian mula sa Damasko,

at ang nalabi sa Siria; sila'y magiging gaya ng kaluwalhatian ng mga anak ng Israel, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo.

4 At mangyayari sa araw na yaon, na ang kaluwalhatian ng Jakob ay malalanta; at ang katabaan ng kaniyang laman ay mahuhulog. 5 At mangyayari na gaya ng pamumulot ng mang-aani ng nakatayang trigo, at ng paggapas ng kaniyang kamay ng mga uhay; oo, magiging gaya ng pagpulot ng mga uhay sa libis ng Refaim. 6 Gayon ma'y maliwan doon ang mga himalay, gaya ng pagpapalo ng puno ng olivo na dalawa o tatlong bunga; ay naitaan sa dulo ng kataastasang sanga, apat o lima sa kadulodulohang mga sanga ng mabunang puno ng kahoy, sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel. 7 Sa araw na yaon ay titingin ang tawo sa May-lalang sa kaniya, at ang kaniyang mga mata ay magkakaroon ng pitagan sa Santo ng Israel. 8 At siya'y hindi titingin sa mga altar, na gaya ng kaniyang mga kamay, o magkakaroon man siya ng pitagan sa lumikha ng kaniyang mga daliri, maging sa mga Ashera, o sa mga larawang araw. 9 Sa araw na yaon ay ang kaniyang mga matibay na ciudad ay magiging parang mga lugar na nalimutan sa gubat at sa taluktok ng bundok, na nalimutan sa harap ng mga anak ng Israel: at magiging kagibaan. 10 Sapagka't iyong nilimot ang Dios ng iyong kaligtasan; at hindi mo inalala ang bato ng iyong kalakasan; kaya't nagtatanim ka ng mga maligayang pananim, at iyong mga ibinabata na may mga kaputol ng iba: 11 sa araw ng iyong pagtatanim ay iyong pinatutabo, at sa kinamagahan ay iyong pinamumulaklak ang iyong binhi; nguni't ang pag-aani ay tumatakas sa araw ng kalumbayan at sa kapanlawang walang pag-asa.

12 Ah, ang kaining ng maraming bayan, na humuhugong sa gaya ng hugong ng mga dagat; at ng kaining ng mga nacion, na humuhugong sa gaya ng hugong ng bugso ng tubig! 13 Ang mga nacion ay tatakbo na gaya ng agos ng maraming tubig; nguni't mga sasawayin niya, at magsisitakas sa malayo, at papaspin sa gaya ng tambo sa mga bundok sa harap ng hangin, at gaya ng iponipon alabok sa harap ng bagyo. 14 Sa kinahapuna'y narito ang kakilabutan; at bago dumating ang umaga ay wala na sila. Ito ang bahagi nila na sumasamsam sa

atin, at ang palad nila na nagnanakaw sa atin.

**18** Ah, ang lupain ng lilim ng mga pakpak, na nasa dako roon ng mga ilog ng Etiopia: 2 na nagsusugo ng mga sugo sa pamamag-itan ng dagat, sa mga sasakyang papiro sa mga dagat, na *nag-sasabing*: | Kayo'y yumaon, mga maliksing sugo, sa nacióng matayog at patag, sa bayang kakilakilabot mula sa kanilang pasimula at sa haharapin; sa nacióng sumusukat at yumayapak, na ang lupain ay hinahati ng mga ilog! 3 Kayong lahat na mga mananahan sa sanlibutan, at kayong mga mananahan sa lupa, pagka ang isang bandila ay nataas sa mga bundok, inyong tingnan; at pagka ang pakakak ay hinipan, dingin ninyo. 4 Sapagka't ganito ang sinabi ng PANGINOON sa akin: Ako'y tatahimik, at aking mamasdan mula sa aking lugar na tahanan; gaya ng malinaw na init sa sikat ng araw, gaya ng ulap ng hamog sa init ng pag-aani. 5 Sapagka't bago ang pag-aani, pagka ang bulaklak ay naubos, at ang bulaklak ay naging uvas na nahihinog, kaniyang puputulin ang mga usbong ng gunting na pangkapon, at ang mga lalad na sangay ay kaniyang aalisin at puputulin. 6 Sila'y maiiwang magkakasama sa mga ibong mandadagit sa mga bundok, at sa mga hayop sa lupa: at pagtatag-itan sila ng mga ibong mandadagit, at pagtatag-nawan sila ng lahat na hayop sa lupa. 7 Sa panahong yao'y madadala ang isang kaloob sa PANGINOON ng mga hukbo ng bayang matayog at patag, at mula sa bayang kakilakilabot na mula sa kanilang pasimula *hangang* sa haharapin; nacióng na sumusukat at yumayapak, na ang lupain ay hinahati ng mga ilog, sa lugar ng pangalan ng PANGINOON ng mga hukbo, na bundok ng Sion.

**19** Ang pasan ng Egipto.

Narito, ang PANGINOON ay nakasakay sa isang maliksing alapaap, at napasasa Egipto: at ang mga idolo sa Egipto ay makikilos sa kaniyang harap, at ang puso ng Egipto ay matutunaw sa gitna niya. 2 At aking hihikayatin ang mga taga Egipto laban sa mga taga Egipto: at sila'y babaka bawa't isa laban sa kaniyang kapatid, at bawa't isa laban sa kaniyang kapua; ciudad laban sa ciudad, at kaharian laban sa kaharian. 3 At ang espiritu ng Egipto ay mapaparam sa gitna niya; at

aking gigibain ang payo niya: at magsasakdal sila sa kanilang mga idolo, at sa mga encantador, at sa mga may espiritu na kasamasama, at sa mga manghuhula. 4 At aking ibibigay ang mga taga Egipto sa kamay ng mabagsik na panginoon; at mabangis na hari ay magpupuno sa kanila, sabi ng Panginoon, ng PANGINOON ng mga hukbo. 5 At magkukulang ng mga tubig sa mga dagat, at ang ilog ay masisira at matutuyo. 6 At ang mga ilog ay babaho; ang mga bangbang ng Egipto ay huhupa at matutuyo: ang mga kawayan at mga tambo ay malalanta. 7 Ang mga sabsaban sa tabi ng Nilo, sa baybayin ng Nilo, at lahat na nahasik sa tabi ng Nilo, matutuyo, matatanggal at mawawala. 8 Ang mga mangingisda naman ay tataghoy, at lahat ng naglalawit ng binguit sa Nilo ay tatangis, at silang mga naglaladlad ng mga lambat sa mga tubig ay manlalata. 9 Bukod dito'y silang humahabi ng mga kayong puti, at silang mga humahabi ng puting damit ay mapapahiya. 10 At ang kaniyang mga haligi ay magkakapirapiraso, silang lahat na nagpapaupa ay papanlaw ang kalulua. 11 Ang mga pangulo sa Zoan ay lubos na mangmang; ang payo ng mga pinakapantas na tagapayo ni Faraon ay naging hangal: | paanong masasabi ninyo kay Faraong: Ako'y anak ng pantas, anak ng mga matandang hari? 12 | Saan nangandoon nga ang iyong mga pantas? at saysayin nila sa iyo ngayon; at matalastas nila kung ano ang ipinasiya ng PANGINOON ng mga hukbo tungkol sa Egipto. 13 Ang mga pangulo sa Zoan ay naging mga mangmang, ang mga pangulo sa Nof ay nangadaya; kanilang iniligaw ang Egipto, na siyang panulok na bato ng kaniyang mga angkan. 14 Naghalo ang PANGINOON ng espiritu ng kasam-an sa gitna niya: at iniligaw nila ang Egipto sa bawa't gawa niya, na gaya ng langóng tawo na nahahapay sa kaniyang suka. 15 Hindi na magkakaroon man sa Egipto ng ano mang gagawin, na ulo o buntot, sangay ng palma o tambo, na magagawa. 16 Sa araw na yaon ay magiging parang mga babaye ang Egipto: at manginginig at matatakot dahil sa bala ng kamay ng PANGINOON ng mga hukbo, na kaniyang ibinabala. 17 At ang lupain ng Juda ay magiging kakilakilabot sa Egipto, sa kaniño man mabangit yaon ay matatakot, dahil sa pasiya ng PANGINOON ng mga hukbo, na ipinasiya laban doon.

18 Sa araw na yaon ay magkakaroon ng limang ciudad sa lupain ng Egipto, na magsasalita ng wika ng Kanaan, at sumumpa sa PANGINOON ng mga hukbo; sila'y tatawaging: Ang ciudad ng kagibaan.

19 Sa araw na yaon ay magkakaroon ng isang altar sa PANGINOON sa gitna ng lupain ng Egipto, at isang haligi sa hangganan noon sa PANGINOON. 20 At magiging pinakatanda at pinakasaksi sa PANGINOON ng mga hukbo sa lupain ng Egipto: sapagka't sila'y hihiyaw sa Panginoon dahil sa mga mang-aapi, at magsusugo siya sa kanila ng isang tagapagligtas, at isang mananangalang, at kaniyang lililigtas sila. 21 At ang PANGINOON ay makikilala sa Egipto, at makikilala ng mga taga Egipto ang PANGINOON sa araw na yaon; oo, sila'y sasamba na may hayin at alay, at mananata ng panata sa PANGINOON, at tutuparin. 22 At susugatan ng PANGINOON ang Egipto, na susugat at magpapagaling; at siya'y magbabalik-loob sa PANGINOON, at siya'y mapamamanhikan nila, at gagamutin niya sila.

23 Sa araw na yaon ay magkakaroon ng maluang na langganan mula sa Egipto hangang sa Asiria, at ang mga taga Asiria ay papasok sa Egipto, at ang mga taga Egipto sa Asiria; at ang mga taga Egipto ay sasambang kasama ng mga taga Asiria.

24 Sa araw na yaon ay magiging pangatlo ang Israel sa Egipto at sa Asiria, na pagpapala sa gitna ng lupa: 25 sapagka't pinagpala sila ng PANGINOON ng mga hukbo, na sinabing: Pagpalain ang bayan kong Egipto, at ang Asiria na gawa ng aking mga kamay, at ang Israel na aking mana.

20 Ng taong dumating si Tartan sa Asdod ng suguin siya ni Sargon na hari sa Asiria, at siya'y bumaka laban kay Asdod, at sakupin niya; 2 ng panahong yaon ay nagsalita ang PANGINOON sa pamamagitan ni Isaias na anak ni Amoz, na nagsabing: Ikaw ay yumaon, at kalagin mo ang kayong magaspang sa iyong mga balakang, at maghubad ka ng iyong panyapak sa iyong paa. At ginawa niyang gayon na lumakad na hubad at walang panyapak. 3 At sinabi ng PANGINOON: Kung paanong ang aking aliping si Isaias ay lumakad na hubad at walang panyapak na tatlong taon na pinakatanda at pinakamanghaan sa Egipto at sa Etiopia;

4 gayon papatnubayan ng hari sa Asiria ang mga bihag sa Egipto at ang mga tapon sa Etiopia, bata at matanda, hubad at walang panyapak, at may mga pigi na litaw, unang kahihiyaw sa Egipto. 5 At sila'y manlulupaypay at mapapahiya, dahil sa Etiopia na kanilang kapanaoran, at sa Egipto na kanilang kaulalhatian. 6 At ang mananahan sa baybayin na ito ay magsasabi sa araw na yaong: Narito, ganoon ang aming pag-asa, na aming tinaananan dahil sa tulong upang makaligtas sa hari sa Asiria: at kami, ipaanong makataanaan?

21 Ang pasan ng ilang ng dagat. Kung paano ang mga ipoipo sa Timugan ay umilikot, gayon dumarating na mula sa ilang mula sa kakilakilabot na lupain. 2 Isang mabigat na malikmata ay nahayag sa akin; ang mangagawa ng karayaan ay gumagawang may karayaan, at ang mananamsam ay sumasamsam. Ikaw ay sumampa, Oh Elam; ikaw ay kumulung, Oh Media; lahat ng buntong hininga niya'y aking pinatigil. 3 Kaya't ang aking mga balakang ay puno ng kalumbayan; mga sakit ay humawak sa akin, gaya ng mga sakit ng babaye sa pagdaramdam: ako'y naghihirap na ano pa't hindi ko marinig; ako'y nanlulupaypay na ano pa't hindi ko makita. 4 Aking puso ay sumisikdo, kakilabutan ay tumakot sa akin: ang pagtatakip silim na aking ninasa ay naging kapanginigan sa akin. 5 Sila'y naghanda ng dulang, sila'y naglagay ng bantay, sila'y kumakain, sila'y umiinom: kayo'y bumangon, kayong mga pangulo, inyong pahiran ang kalasag. 6 Sapagka't ganito ang sinabi ng Panginoon sa aking: Ikaw ay yumaon, maglagay ka ng bantay; ihayag niya kung ano ang nakikita niya: 7 at pagka siya'y nakakita ng pulutong ng mga nangangabayong dalawa't dalawa, ng pulutong ng mga asno, ng pulutong ng mga kamello, siya'y makikinig na maigi na may pag-iingat. 8 At siya'y humiyaw na parang leon: Oh Panginoon, ako'y tumatayong lagi sa moog na bantayan, sa araw, at ako'y lumalagay sa aking bantayan na magdamagan: 9 at, narito, dito'y dumarating ang isang pulutong na lalaki, mga nangangabayong dalawa't dalawa. At siya'y sumagot, at nagsabing: Babilonia ay nahulog, nahulog; at lahat na larawang hinichurahan na kaniyang mga dios ay nabagsak sa lupa. 10 Oh ikaw na aking

gükan, at trigo ng aking gükan: ang aking narinig sa PANGINOON ng mga hukbo, sa Dios ng Israel, aking inihayag sa iyo.

**11** Ang pasan ng Duma:

Isa'y tumatawag sa akin mula sa Seir: Bantay, ¿anong nangyayari sa gabi? Bantay, ¿anong nangyayari sa gabi? **12** Sinabi ng bantay: Ang umaga ay dumarating, at gayon din ang gabi: kung inyong usisain, usisain ninyo: kayo'y pumihit, kayo'y parito.

**13** Ang pasan sa Arabia.

Sa gubat sa Arabia ay titigil kayo, Oh kayong naglalakbay na mga pulutong ng mga Dedaneo. **14** Ang nauhaw ay dinadalhan nila ng tubig; sinalubong ng mga mananahan sa lupain ng Tema na may kanilang tinapay ang mga bihag. **15** Sapagka't kanilang tinatakas ang mga tabak, ang bunot na tabak, at ang akmang bosog, at ang bigat ng pakikipagbaka. **16** Sapagka't ganito ang sinabi ng Panginoon sa akin: Sa loob ng isang taon, ayon sa mga taon ng upahan, at lahat ng kalualhatian ng Kedar ay mapapawi: **17** at ang malabi sa bilang sa mga manbobosog, sa mga bayani sa mga anak ng Kedar, mangangaonti: sapagka't ang PANGINOON, ang Dios ng Israel, siyang nagsalita.

**22** Ang pasan ng libis ng malikmata.

¿Anong ipinakikialam mo ngayon na ikaw ay buong buo na sumampa sa mga bubungan? **2** Oh ikaw na puspos ng mga kaguluhan, magulong ciudad, masayang ciudad; ang iyong patay ay hindi napatay ng tabak, o namatay man sila sa pakikipagbaka. **3** Lahat mong puno ay tumatakas na magkakasama, nangaitali ng mga mangbobosog: lahat na nasusumpungan sa iyo ay nangatataliang magkakasama, nagsitakas na malayo. **4** Kaya't sinabi kong: Bayaan ninyo ako, ako'y iiyak na may kapaitan; huag kayong magsikap na umaliw sa akin, ng dahil sa pagkasamsam ng anak na babaye ng aking bayan. **5** Sapagka't araw ng pagkalisig, at ng pagyikap, at ng pagkawala ng diwa, mula sa Panginoon, mula sa PANGINOON ng mga hukbo, sa libis ng malikmata; paggiba ng mga kuta at paghiyaw sa mga bundok. **6** At ang Elam ay may dalang lagayan ng pana, may mga karro ng mga tawo at mga manganga-

bayo; at ang Kir ay bunot ang kalasag. **7** At nangyari, na ang iyong pinakapiling libis ay puno ng mga karro, at ang mga mangangabayo ay nagsisihanay sa pintuang-daan. **8** At kaniyang inalis ang takip ng Juda; at ikaw ay tumititig ng araw na yaon sa sakbat sa bahay sa gulat. **9** At inyong nakita ang mga sira ng ciudad ni David, na napakarami: at inyong pinisan ang mga tubig ng lalong mababang lawa. **10** At inyong binilang ang mga bahay ng Jerusalem, at inyong iginiba ang mga bahay upang patibayin ang kuta. **11** Kayo'y gumawa naman ng tipunang-tubig sa pagitan ng dalawang kuta para sa tubig ng dating lawa: ngunit hindi ninyo tiningnan siyang gumawa nito, o nagpakundangan man kayo sa kaniya na humichura nito na malaon na. **12** At ng araw na yao'y tumawag ang Panginoon, ang PANGINOON ng mga hukbo, sa pagiyak, at sa pagtangis, at sa pagkakaalbo, at sa pagbibigkis ng magaspang: **13** at, narito, kagalakan at kasayahan, pagpatay ng mga baka at pagpatay ng mga tupa, pagkain ng laman, at paginom ng alak: tayo'y kumain at uninom, sapagka't bukas ay mamamatay tayo. **14** At ang PANGINOON ng mga hukbo ay naghayag sa aking mga pakinig: Tunay na ang kasamang ito ay hindi malilinis sa inyo hangang sa kayo'y mamatay, sabi ng Panginoon, ng PANGINOON ng mga hukbo.

**15** Ganito ang sabi ng Panginoon, ng PANGINOON ng mga hukbo: Ikaw ay yumaon, pumaroon ka sa katiwalang ito, kay Sebna, na nasa bahay, at iyong sabihin: **16** ¿Anong ginagawa mo rito? at ¿sino ang tinatankilik mo rito, na ikaw ay humichura sa iyo rito ng isang libingan? ¿na humihichura ng libingan sa itaas, na unuukit ng tahanan niyang sarili sa bato! **17** Narito, ibabagsak ka ng PANGINOON na bigla na parang malakas na tawo; co, kaniyang pagpipihitpin ka. **18** Kaniyang tunay na papipihitin at pabibilingin ka na parang gulong sa malaking lupain; doon mamamatay ka, at doon malalagay ang mga karro ng iyong kalualhatian, ikaw na kahibyan ng bahay ng iyong panginoon. **19** At aalisin kita sa iyong katungkulan, at sa iyong hanganan ay ibubual ka niya. **20** At mangyayari sa araw na yaon, na aking tatawagin ang aking aliping si Eliakim na anak ni Elki-as: **21** at aking susuotan siya ng iyong balabal, at patitibayin siya ng iyong pa-

migkis, at aking ipagkakatiwala ang iyong pamamahala sa kaniyang kamay: at siya'y magiging ama sa mga mananahan sa Jerusalem, at sa bahay ng Juda. **22** At ang susi ng bahay ni David ay ilalapag ko sa kaniyang balikat; at siya'y magbubukas, at walang magasara; at siya'y magasasara, at walang magbubukas. **23** At aking ikakapit siya na parang pako sa isang matibay na lugar; at siya'y magiging pinakaluklukan ng kaulahatian sa bahay ng kaniyang magulang. **24** At kanilang ibibitin sa kaniya ang boong kaulahatian ng bahay ng kaniyang magulang, ang usbong at ang sui, bawat munting sisidlan, mula sa mga sisidlan na mga tasa hangang sa mga sisidlan na tabo. **25** Sa araw na yaon, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, matatanggal ang pakong nakapit sa matibay na lugar; at mababali at mahuhulog, at ang pasan na nasa kaniya ay mahihiwalay; sapagka't sinalita ng PANGINOON.

**23** Ang pasan ng Tiro. Kayo'y umungal, kayong mga sasakyan sa Tarsis; sapagka't nagiba, na ano pa't walang bahay, walang pasukan: mula sa lupain ng Kitim ay nahayag sa kanila. **2** Kayo'y tumahimik, kayong mga mananahan sa pulo; ikaw na pinasagana ng mga mangangalakal ng Sidon, na nagdaraan sa dagat. **3** At sa mga malaking tubig ay ang binhi ng Sihor, ang ani ng Nilo, naging kaniyang paupahan; at siya'y naging tiangihan ng mga nasyon. **4** Ikaw ay mahiya, Oh Sidon: sapagka't sinalita ng dagat, ng katibayan ng dagat, na sinabing: Hindi ako nagdamdam, o nanganak mian, o nag-alaga man ako ng mga binata, o nagpalaki ng mga dalaga. **5** Pagka ang balita ay dumating sa Egipto, ay mamamanlaw na mainam sa balita tungkol sa Tiro. **6** Magpatuloy kayo sa Tarsis; kayo'y umungal, kayong mga mananahan sa pulo. **7** Ito ba ang inyong masayang ciudad, na ang katandaan ay sa mga unang araw, na ang mga paa ay nagdala sa kaniya sa malayo upang mangibang-bayan? **8** Si-nong nagpasiya nito laban sa Tiro, na makoronang ciudad, na ang mga mangangalakal ay mga pangulo, na ang mga maninda ay mga kagalanggalang sa lupa? **9** Ipinasiya ng PANGINOON ng mga hukbo, upang dumuhan ang kapalaluan ng boong kaulahatian, upang dalhin sa pagkakaalit ang lahat na kagalanggalang sa lupa. **10** Magdaan ka sa iyong lupain na gaya

ng Nilo, Oh anak na labaye ng Tarsis; wala ng bigkis pa sa patibot mo. **11** Kaniyang ininatang ang kaniyang kamay sa dagat, kaniyang inuga ang mga kaharian: ang PANGINOON ay nag-utos tungkol sa Kanaan, upang gibain ang mga katibaynoon. **12** At kaniyang sinabing: Ikaw ay hindi na magagalak pa, Oh ikaw na napipighating virgeng dalaga ng Sidon; ikaw ay bumangon, magdaan ka sa Kitim; doon ma'y hindi ka magkakaroon ng kapahingahan. **13** Narito, ang lupain ng mga Kaldeo; ang bayang ito ay wala na; inilagay ng mga taga Asiria para sa mga hayop sa ilang: kanilang itinayo ang kaniyang mga moog, iginiba nila ang mga palacio noon; kanilang sinira. **14** Kayo'y umungal, kayong mga sasakyang dagat sa Tarsis: sapagka't ang inyong katibayan ay giba. **15** At mangyayari, sa araw na yaon, na ang Tiro ay malilimutang pitong puong taon, ayon sa mga araw ng isang hari: pagkatapos ng pitong puong taon ay mangyayari sa Tiro ay gaya ng awit ng dalahira. **16** Ikaw ay humawak ng alpa, lumibot ka sa ciudad, ikaw na dalabira na nalimutan; magpatamis ka ng tinig, umawit ka ng maraming awit, upang ikaw ay maalala. **17** At mangyayari, sa katapusan ng pitong puong taon, na dadalawin ng PANGINOON ang Tiro, at siya'y babalik sa kaniyang upa, at maglalaro ng pagdadalahira sa lahat ng kaharian ng sanlibutan sa balat ng lupa. **18** At ang kaniyang kalakal at ang kaniyang upa ay magiging santo sa PANGINOON: hindi itatago o ikukubli man; sapagka't ang kaniyang kalakal ay magiging para sa kanila na tumatahan sa harap ng PANGINOON, upang kumaing sagana, at manamit ng nagluluat.

**24** Narito, binabasal ng PANGINOON ang lupa, at sinisira, at binabaligtad, at pinangangat ang mga mananahan noon. **2** At mangyayari, na kung paano sa bayan, gayon sa sacerdote; kung paano sa alipin, gayon sa kaniyang panginoon; kung paano sa aliang babaye, gayon sa kaniyang panginoong babaye; kung paano sa mamimili, gayon sa nagbibili; kung paano sa mapagpahiram, gayon sa manghihiram; kung paano sa mapagpatubo gayon sa pinatutubuan. **3** Ang lupa ay lubos na mababasal at lubos na masasamsaman; sapagka't sinalita ng PANGINOON ang salitang ito. **4** Ang lupa ay tumatangis at nanlalata, ang sanlibutan ay nanghihina at

nanlalata, ang mapagmataas na bayan sa lupa ay nanhilina. 5 Ang lupa naman ay nadumhan sa ilalim ng mga mananahan; sapagka't sila'y sumalasang ng kautusan, bumago ng ayos, sumira ng kawang hangang tipan. 6 Kaya't nilamon ng sumpa ang lupa, at silang tumataban doon ay nangasumpungang salarin: kaya't ang mga mananahan sa lupa ay nasunog, at nangaonti ang lalaki. 7 Ang bagong alak ay tumatangis, ang puno ng uvas ay nalalanta, lahat ng masayang puso ay nagbubuntong hininga. 8 Ang saya ng mga pandereta ay naglikat, ang ingay nila na nagalalak ay nagkawakas, ang galak ng alpa ay naglikat. 9 Sila'y hindi inom ng alak na may awit; matapang na alak ay magiging mapait sa kanila na umiinom. 10 Ang ciudad na kaguluhan ay nabagsak: lahat ng bahay ay nasarhan, upang walang tawong makapasok doon. 11 May daing sa mga langganan dahil sa alak; lahat ng kagalakan ay nagdilim, ang kasayahan ng lupa ay nawala. 12 Naiwan sa ciudad ay kagibanan, at ang pintuang-daan ay nasugatan ng kawasakan. 13 Sapagka't ganito ang mangyayari sa gitna ng lupa sa mga bayan, na gaya ng ugog ng isang puno ng olivo, gaya ng uvas na naani pagka ang pag-aani ay natapos. 14 Ang mga ito ay maglalakas ng kanilang voces, sila'y susutsot; dahil sa kamahalan ng PANGINOON ay humihiyaw sila ng malakas mula sa dagat. 15 Kaya't luhalhatiin niyong ang PANGINOON sa silanganan, ang pangalan ng PANGINOON, ng Dios ng Israel, sa mga pulo ng dagat.

16 Mula sa kahulihulihang bahagi ng lupa ay nakarinig kami ng mga awit, kaluhalhatian sa banal. Nguni't aking sinabing: | Namamay at ako, namamay at ako, sa aba ko! ang mga mangagawang magdaraya ay gumagawang may karayan; oo, ang mga mangagawang magdaraya ay gumawang totoo na may karayaan. 17 Katakutan, at ang hukay, at ang silo ay nasa iyo, Oh mananahan sa lupa. 18 At mangyayari, na siyang tumatakas sa ingay ng katakutan ay mahuhulog sa hukay; at siyang sumasampa mula sa gitna ng hukay ay mahuhuli sa silo: sapagka't ang mga dungawan sa itaas ay nabuksan, at ang mga cimientong ng lupa ay umuuga. 19 Ang lupa ay nagibang lubos, ang lupa ay lubos na nasira, ang lupa ay gumagalaw na mainam. 20 Ang lupa ay bahapay na parang lango, at

makikilos na paroo't parito na parang dampa; at ang kaniyang pagsalangsang ay magiging mabigat sa kaniya at mabubual, at hindi babangon uli.

21 At mangyayari, sa araw na yaon, na parurusahan ng PANGINOON ang hukbo ng mga mataas sa itaas, at ang mga hari sa lupa sa ibabaw ng lupa. 22 At sila'y mapipisan, parang mga bihag na mapipisan sa hukay, at masasarhan sa bilangguan, at pagkaraan ng maraming araw ay madadalaw sila. 23 Kung magkagayo'y malilito ang buan, at ang araw ay mapapahiya; sapagka't ang PANGINOON ng mga hukbo ay maghabari sa bundok ng Sion, at sa Jerusalem, at sa harap ng kaniyang mga matanda na may kaluhalhatian.

25 Oh PANGINOON, ikaw ay aking pupurihin ang iyong pangalan; sapagka't ikaw ay gumawa ng kagilagilalas na bagay, ng mga payo ng una, sa pagtatapat at katotohanan. 2 Sapagka't iyong pinapaging isang buntong; ang ciudad, ang ciudad na matibay ay pinapaging sira: palacio ng mga taga ibang lupa upang huag maging ciudad; hindi matatayo kailan man. 3 Kaya't luhalhatiin ka ng matibay na bayan, ang ciudad ng kakilakilabot na mga nacion ay matatakot sa iyo. 4 Sapagka't ikaw ay naging katibayan sa dukha, katibayan sa mapagkailangan sa kaniyang kapanlawan, silungan sa bagyo, lilim sa init, pagka ang paspas ng mga kakilakilabot ay gaya ng bagyo laban sa kuta. 5 Kung paano ang init sa tuyong lugar ay gayon ibababa mo ang ingay ng mga taga ibang lupa; kung paano ang init sa pamamag-itan ng lilim ng alapaap, gayon mabababa ang awit ng mga kakilakilabot. 6 At sa bundok na ito ay gagawa ang PANGINOON ng mga hukbo sa lahat ng bayan, ng isang kapistahan ng mga matabang bagay, ng isang kapistahan ng mga alak sa mga latak, ng mga matabang bagay na puno ng taba, ng mga alak sa mga latak na totoong sala. 7 At kaniyang gigibain sa bundok na ito ang harapan ng takip na nahagis sa lahat ng bayan, at ang lambong na naladlad sa lahat na nacion. 8 Sinakmal niya ang kamatayan magpakailan man; at papahirin ng Panginoong Dios ang mga luha sa lahat ng mukha; at ang kutyas sa kaniyang bayan ay masaalis sa boong lupa: sapagka't sinalita ng PANGINOON.

9 At sasabihin sa araw na yaong: Narito, ito'y ating Dios; hinintay nating

siya, at ililigtas niya tayo: ito ang PANGINOON; ating hinintay siya, tayo'y matutua at magagalak sa kaniyang kaligtasan. 10 Sapagka't sa bundok na ito magpapahinga ang kamay ng PANGINOON, at ang Moab ay mayayapakan sa kaniyang lugar, gaya ng dayami na nayayapakan sa tubig ng dumi. 11 At kaniyang iuunat ang kaniyang mga kamay sa gitna noon, gaya ng pag-uunat ng lumalangoy upang lumangoy: at kaniyang ibababa ang kaniyang kapalaluan na kalakip ng kabibasaan ng kaniyang mga kamay. 12 At ang mga katibayan ng mataas na moog ng iyong mga kuta ay kaniyang ibinaba, grimba, at ibinagsak sa lupa, hangang sa alabok.

26 Sa araw na yaon ay aawitin ang awit na ito sa lupain ng Juda. Tayo ay may matibay na ciudad; kaligtasan ay kaniyang ilalagay na pinakakuta at pinakakatibayan. 2 Buksan ninyo ang mga pintuang-daan, upang mapasukan ng banal na nasyon na nag-iingat ng katotohanan. 3 Iyong iingatan *siya* sa sakdal na kapayapaan, na ang pag-iisip ay sumasandal sa iyo: sapagka't siya'y umaasa sa iyo. 4 Umasa kayo sa PANGINOON magpakailan man: sapagka't sa PANGINOON, si JEHOVA ay walang hangang bato. 5 Sapagka't ibinaba niya sila na tumatahan sa itaas, na mapagmataas na ciudad: kaniyang ibinaba, ibinaba hangang sa lupa; kaniyang ibinagsak hangang sa alabok. 6 Yayapakan ng paa; ng mga paa ng dukha, at ng mga hakbang ng mapagkailangan. 7 Ang daan ng banal ay katuiran: ikaw na matuid ay nagtuturo ng landas ng banal. 8 Oo, sa daan ng iyong mga kahatulan, Oh PANGINOON, naghintay kami sa iyo; sa iyong pangalan at sa alaala sa iyo ang nasa ng aming kalulua. 9 Ninasa kita ng aking kalulua sa kinagabihan; oo, ng espiritu ko sa loob ko ay hahanapin kita na maaga: sapagka't ng ang iyong mga kahatulan ay nasa lupa, ay nag-aaral ng kabanalan ang mga mananahan sa sanlibutan. 10 Ipakita ang biyaya sa masama, gayon ma'y hindi siya mag-aaral ng kabanalan; sa lupain ng katuiran ay gagawa siyang may kamalian, at hindi niya mamasdan ang kamahalan ng PANGINOON.

11 PANGINOON, ang iyong kamay ay nataas, gayon ma'y hindi sila nakakakita pa: nguni't makikita nila ang iyong sikap sa bayan, at mapapahiya; oo, sasakmalin ng apoy ang iyong mga kaaway.

12 PANGINOON, ikaw ay mag-aayos ng kapayapaan sa amin: sapagka't ikaw naman ay gumawa ng lahat naming mga gawa para sa amin. 13 Oh PANGINOON aming Dios, ang ibang mga panginoon, bukod sa iyo ay nagkaroon ng pagsakop sa amin; nguni't sa iyo lamang babangit kami ng iyong pangalan. 14 *Sila'y patay*, sila'y hindi mabubuhay; *sila'y namatay*, sila'y hindi babangon: kaya't iyong dinalaw at giniba sila, at pinawi mo ang lahat na alaala sa kanila. 15 Iyong pinarami ang nasyon, Oh PANGINOON, iyong pinarami ang nasyon; ikaw ay nagpakalualhati: iyong pinalaki ang lahat na hanganan ng lupain.

16 PANGINOON, sa kabagabagan ay dinalaw ka nila, sila'y nagbuhos ng dalangin ng ang iyong parusa ay nasa kanila. 17 Gaya ng isang buntis na lumalapit ang panahon ng kaniyang kapanganakan, ay nasa sakit at humihiyaw sa kaniyang pagdaramdam; naging gayon kami sa harap mo, Oh PANGINOON. 18 Kami ay naging buntis, kami ay nalagay sa pagdaramdam, kami ay parang nanganak ng hangin; kami ay hindi gumawa ng ano mang pagliligtas sa lupa; o nabual man ang mga mananahan sa sanlibutan. 19 Ang iyong patay ay mabubuhay; ang aking mga patay na katama ay babangon. Kayo'y bumangon at umawit, kayong tumatahan sa alabok: sapagka't ang iyong hamog ay gaya ng hamog ng mga damo, at ihahagis ng lupa ang patay.

20 Ikaw ay parito, bayan ko, masok ka sa iyong mga silid, at isara mo ang iyong mga pintuan sa palibot mo: magkubli kang sandali, hangang sa ang galit ay makalagpas. 21 Sapagka't, narito, ang PANGINOON ay lumalabas mula sa kaniyang lugar upang parusahan ang mga mananahan sa lupa dahil sa kanilang kasaman: ililitaw naman ng lupa ang kaniyang dugo, at hindi na tatakpan ang kaniyang patay.

27 Sa araw na yaon ay parurusahan ng PANGINOON, ng kaniyang mainam, at malaki, at malakas na tabak ang boya na maliksing ahas, at ang boya na lumilikaw na ahas, at kaniyang papatayin ang boya na nasa dagat.

2 Sa araw na yaon: Isang uvasan na alak, umawit kayo sa kaniya. 3 Akong PANGINOON ang nag-iingat; aking didiigin tuituina: baka saktan ng sino man, aking iingatan gebit araw. 4 Paga

aalab ng loob ay wala sa akin: makikipagbaka ba ang mga dawag at mga tinik laban sa akin! ako'y lalakad sa kanila, aking susununging magkakasama.

5 O manghawak nga siya sa aking lakas, upang siya'y makipagpapayaan sa akin; oo, makipagpapayaan siya sa akin.

6 Sa mga araw na darating ay mag-uugat si Jakob; ang Israel ay mamumulaklak at magbubuko: at pupunin nila ang balat ng sanlibutan ng bunga.

7 *¿* Sinugatan ba niya siya na gaya ng pagsugat niya sa mga yaon, na sumugat sa kaniya? *¿* o pinatay niya ng ayon sa pagpatay nila, na napatay niya? 8 Sa sukat, pagka iyong pinagpapalam siya, ikaw ay nakikipagtalo sa kaniya; kaniyang binago siya ng kaniyang pagispis na hihip sa kaarawan ng silanganang hangin. 9 Kaya't sa pamamagitan nito ay malilinis ang kasam-an ng Jakob, at ito ang boong bunga ng pag-aalis ng kaniyang kasalanan; pagka kaniyang ginagawang parang mga batang apog na nagkapirapiraso ang lahat ng bato ng altar, na ano pa't ang mga Ashera at ang mga larawang-araw ay hindi na babangon pa. 10 Sapagka't ang ciudad na nakukutaan ay nag-iisa, isang tahananang pinabayaan at nilimot, gaya ng ilang: doon sasabsab ang guya, at doon hihiga, at ubusin ang mga sangá noon. 11 Pagka ang mga sangá noon ay nalanta, mga babaliin; paroroonan ng mga babaye at mga igagatong sa apoy: sapagka't bayan na walang kaalaman; kaya't ang mayalalang sa kanila ay hindi magkakaroon ng habag sa kanila, at ang humichura sa kanila ay hindi magpapakita sa kanila ng biyaya.

12 At mangyayari sa araw na yaon, na pipitasin ng PANGINOON ang kaniyang bunga, mula sa agos ng Hog hangang sa batis ng Egipto, at kayo'y mapipisang isa't isa, Oh kayong mga anak ng Israel.

13 At mangyayari sa araw na yaon, na ang malaking pakakak ay hihipan; at silang napapahamak sa lupain ng Asiria ay paroroon, at silang mga tapon sa lupain ng Egipto; at sila'y sasamba sa PANGINOON sa santong bundok sa Jerusalem.

28 Sa aba ng korona ng palalo ng mga manlalasing sa Efrain, at ng lipas na bulaklak ng kaniyang malualhating kagandahan, na nasa ulunan ng matabang libis nila na nadaig ng alak!

2 Narito, ang Panginoon ay may makapangyarihan at malakas; na parang bagyo ng granizo, na maugigibang bagyo, parang baha ng mga bumubugsong tubig na umaapaw, paghahagis siya sa lupa sa pamamagitan ng kamay. 3 Ang korona na palalo ng mga lango sa Efrain ay mayayapakan ng paa: 4 at ang lipas na bulaklak ng kaniyang malualhating kagandahan, na nasa ulunan ng matabang libis, magiging gaya ng maagang hinog na bunga ng higos bago dumating ang tag-init; pagka nakikita ng tumitingin, samantalang nasa kaniyang kamay pa, kaniyang kinakain na. 5 Sa araw na yaon ay magiging pinakakorona ng kaulalhatian ang PANGINOON ng mga hukbo, at pinakadiadema ng kagandahan, sa nalabi sa kaniyang bayan: 6 at pinakaespiritu ng kahatulan sa kaniya na nauupo sa kahatulan, at pinakakatibayan sa kanila na umuurong sa pakikipagbaka hangang sa pintuangdaan. 7 Ngunit ang mga ito man ay nahapay dahil sa alak, at dahil sa matabang na alak ay naligaw; ang sacerdote at ang profeta ay namali dahil sa matabang na alak, sila'y nasakmal ng alak, sila'y naligaw dahil sa matabang na alak; sila'y naligaw sa malikmata, sila'y natitiosod sa paghatol. 8 Sapagka't lahat ng dulang ay puno ng suka, at ng karumihan, na ano pa't walang lugar na malinis. 9 *¿* Kanino siya magtuturo ng kaalaman? at *¿* kanino niya ipatatalastas ang pasugo? *¿* silang nahiwalay sa gatas, at nalis sa mga suso? 10 Sapagka't utos at utos, utos at utos; guhit at guhit, guhit at guhit; dito'y kaonti, doo'y kaonti. 11 Hindi, kungdi sa pamamagitan ng mga tawong may mga kaibang labi at may mga kaibang dila ay sasalitain niya sa bayang ito: 12 sa kanino niya sinabing: Ito ang kapahingahan, bigyan ninyo ng kapahingahan siya na pagod; at ito ang kaginhawahan: gayon ma'y hindi nila pinakngan. 13 Kaya't ang salita ng PANGINOON ay maging sa kanila'y utos at utos, utos at utos; guhit at guhit, guhit at guhit; dito'y kaonti, doo'y kaonti; upang sila'y makayaon, at mapahiga, at mabalian, at masilo, at mahuli.

14 Kaya't inyong dingin ang salita ng PANGINOON, ninyong mga mang-aaping lalaki, na nagpupuno sa bayang ito na nasa Jerusalem: 15 Sapagka't inyong sinabing: Tayo ay nakipagtipan sa kamataan, at sa libingan ay nakipagkasundo



tayo; pagka ang mang-aaping pamalo ay dumaan, hindi darating sa atin; sapagka't ating ginawang pinakasilungan natin ang mga kabulaanan, at sa ilalim ng kasinungalingan ay nagkubli tayo: 16 kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, aking inilalagay sa Sion na pinakacimiento ang bato, isang batong sinubok, isang mahalagang *batong* panulok na may tali, mabuting cimiento: ang naniniwala ay hindi magmamadali. 17 At aking ilalagay na pinakaguhit ang kahatulan, at pinakapanguhit ang kabanaan: at wawalisin ng granizo ang silungan ng mga kabulaanan, at aabutin ng mga tubig ang taguang lugar. 18 At ang inyong tipan sa kamatayan ay mawawalan ng kabuluhan, at ang iyong pakikipagkasundo sa libingan ay hindi lalagi; pagka ang mang-aaping pamalo ay daraan, kayo nga'y yayapakan noon. 19 Sa tuing dadaan, tatangayin kayo; sapagka't tuing umaga ay daraan, sa araw at sa gabi: at mangyayari, na ang kakilabutan lamang ang magpapatalastas ng pasugo. 20 Sapagka't ang hibigan ay lalong maikli na hindi maunatan ng tawo; at ang takip ay lalong makitid na nakatakip doon. 21 Sapagka't ang PANGINOON ay babangon na gaya sa bundok ng Perazim, siya'y mag-iinit na gaya sa libis ng Gabaon; upang kaniyang magawa ang kaniyang gawa, ang kaniyang kaibang gawa, at papangyarihin ang kaniyang gawa, ang kaniyang kaibang gawa. 22 Huag nga kayong mapang-api, baka ang mga panali sa inyo ay magsitibay: sapagka't ang paglipol, na ipinasiya, narinig ko sa Panginoon, sa PANGINOON, ng mga hukbo, sa boong lupa.

23 Pakingan ninyo, at dingin ninyo ang aking voces; inyong dingin, at pakingan ang aking salita. 24 Humubukid bang lagi ang mangbubukid upang maghasik? Kaniya bang *laging* binubunkal at dinudurog ang kaniyang lupa? 25 Pagka kaniyang napatag ang balat noon, hindi ba niya binibintan ng eneldo, at ikinakalat ang binhing comino, at inihahanay ang trigo, at ang cebada sa takdang lugar, at ang espelta sa hanganan noon? 26 Sapagka't itinuturong matuid sa kaniya ng kaniyang Dios, at itinuturo sa kaniya: 27 Sapagka't ang eneldo ay hindi gimigiik ng pangalik na matalas, o ang gulong man ng karro ay gugulong sa comino; kungdi ang eneldo ay pinapalo ng tungkod, at ang comino ay ng pinga. 28 Ang tinapay

na trigo ay ginigiling; sapagka't hindi laging magigiik: at бага man pangalatin yaon ng gulong ng kaniyang karro at ng kaniyang mga kabayo, hindi niya ginigiling. 29 Ito'y mula rin sa PANGINOON ng mga hukbo, na kamanghamangha sa payo, at marilag sa karunungan.

29 Oh Ariel, ng Ariel, na ciudad na tinahanan ni David! dagdagan ninyo taon taon; ligiran ng mga kapistahan: 2 akin ngang gigipitin ang Ariel, at magkakaroon ng panangis at panaghoy: at siya'y magiging parang Ariel sa akin. 3 At ako'y magtatayo ng kamento laban sa iyo sa palibot, at kukulongin kita ng mga kuta, at ako'y magbabangon ng mga pangulong laban sa iyo. 4 At ikaw ay mabababa, at magsasalita mula sa lupa, at ang iyong salita ay magiging mababa mula sa alabok; at ang iyong voces ay magiging para ng isang may espiritu na kasamasama, mula sa lupa, at ang iyong salita ay tutunog mula sa alabok. 5 Ngunit ang karamihan ng iyong mga kaaway ay magiging gaya ng pinong alabok, at ang karamihan ng mga kakilalilabot ay gaya ng dayaming dumadaan: oo, magiging sa biglang sandali. 6 Siya'y dadalawin ng PANGINOON ng mga hukbo ng kulog, at ng lindol, at ng malaking ingay, ng ipoipo at bagyo, at ng liab ng mamumugnaw na apoy. 7 At ang karamihan ng lahat na nacion na bumabaka laban sa Ariel, lahat na bumabaka laban sa kaniya at sa kaniyang katibayan, at ang nagpapapanlaw sa kaniya, magiging parang panaginip, isang malikmata sa gabi. 8 At mangyayari, na gaya ng kung ang isang gutom ay nananaginip, at narito, siya'y kumakain; ngunit siya'y nagigingis, at ang kaniyang kalulua ay tuyo: o gaya ng kung ang isang uhaw ay nananaginip, at narito, siya'y umiinom; ngunit siya'y nagigingis, at narito, siya'y malata, at ang kaniyang kalulua ay may uhaw: gayon ang mangyayari sa karamihan ng lahat na nacion, na bumabaka laban sa bundok ng Sion. 9 Kayo'y matigilan at mangilala; kayo'y maligaya at mabulag: sila'y lango, ngunit hindi ng alak; sila'y hapay, ngunit hindi ng matapang na alak. 10 Sapagka't ibinahos ng PANGINOON sa inyo ang espiritu ng mahimbing na pagkakatu-log, at ipinikita ang inyong mga mata, na mga profeta; at ang inyong mga pangulo, na mga mapagkita, kaniyang tinakpan.

**11** At ang lahat ng malikmata ay naging sa inyo'y parang mga salita ng libro na natatatakan, na ibinibigay ng mga tawo sa isa na marunong bumasa, na sinasabing: Iyong basahin ito, isinasamo ko sa iyo: at kaniyang sinasabing: Hindi ko mababasa, sapagka't natatatakan; **12** at ang libro ay nabigay sa kaniya na hindi marunong, na sinasabing: Iyong basahin ito, isinasamo ko sa iyo: at kaniyang sinasabing: Ako'y hindi makabasa.

**13** At sinabi ng Panginoon: Sa parang ang bayang ito ay lumalapit sa akin, at pinapupurihan ako ng kanilang bibig at ng kanilang mga labi, nguni't inilayo ang kanilang puso sa akin, at ang kanilang takot sa akin ay itipuro sa kanila sa utos ng mga tawo: **14** kaya't narito, pasisimulan kong gawin ang isang kagilagilalas na gawa sa gitna ng bayang ito, isang kagilagilalas na gawa at kamanghamangha: at ang karunungan ng kanilang mga pantas ay mapapawi, at ang kaalaman ng kanilang mga mabait ay makubli.

**15** Sa aba nila, na humahanap ng kahaliman upang ikubli ang kanilang payo sa PANGINOON! at ang kanilang mga gawa ay nasa kadiliman, at kanilang sinasabing: Sinong nakakakita sa atin? at sinong nakakaalam sa atin? **16** Kayo'y nagbabaligat ng mga bagay! Mabibilang ba ang magpapaliok na parang putik; upang sabihin ng bagay na yari, sa may gawa sa kaniyang: Hindi niya ginawa ako; o sabihin ng bagay na may hichura, tungkol sa humichurang: Siya'y walang kaalaman? **17** Hindi ba totoong sandali na lamang, at ang Libano ay magiging mabungang bukid, at ang mabungang bukid ay magiging pinakagubat? **18** At sa araw na yaon ay makikinig ang pipi ng mga salita ng libro, at ang mga mata ng bulag ay makakakita mula sa dilim at sa kadiliman. **19** At lalago naman ang maamong-loob sa kanilang kagalakan sa PANGINOON, at ang dukha sa gitna ng mga tawo ay magagalakan sa Santo ng Israel. **20** Sapagka't ang kakilakilabot ay nawalan ng kabuluhan, at ang mang-aapi ay naglilikat, at ang lahat na magbabanta ng kasam-an ay nahawalay: **21** na gumagawa sa tawo na magpagalit sa isang bagay, at naglalagay ng silo sa kaniya na sumasaway sa pintuang-daan, at nagliligaw sa hanal sa walang kabuluhan. **22** Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON, na siyang tumubos kay Abraham, tungkol sa bahay ng Jakob: ang Jakob nga ay hindi mapapahiya, o

mamumutla pa man ang kaniyang mukha. **23** Nguni't pagka kaniyang nakikita ang kaniyang mga anak, ang lalang ng aking mga kamay, sa gitna niya, kanilang sasantohin ang aking pangalan; oo, kanilang sasantohin ang Santo ng Jakob, at tatayong may takot sa Dios ng Israel. **24** Sila namang naliligaw sa espiritu ay darating sa pagkakilala, at silang mananakap ay tatanggap ng aral.

**30** Sa aba ng mga mapanghimagsik na mga anak, sabi ng PANGINOON, na kumukuhang payo, nguni't hindi sa akin; at nagtatakip ng takip, nguni't hindi sa aking espiritu, upang makapagdagdag ng kasalanan sa kasalanan: **2** ang mga lumalakad na bumababa sa Egipto, at hindi nagtanong sa aking bibig; upang mangagpakalakas sa lakas ni Faraon, at umasa sa lilim ng Egipto! **3** Kaya't ang lakas ni Faraon ay maging inyong kahihyan, at ang pag-asa sa lilim ng Egipto ay inyong pagkalito. **4** Sapagka't ang kaniyang mga pangulo ay nasa Soan, at ang kaniyang mga sugo ay dumapahiya sa Hanes. **5** Silang lahat ay mapapahiya sa bayan, na hindi makapagpakinabang sa kanila, na hindi tulong o pakinabang man, kungdi kahihyan at kaduahagihan naman.

**6** Ang pasan ng mga hayop ng Timugan. Sa lupain ng kabagabagan at ng kadalambhatian, na pinangagalingan ng leona at ng leon, ng ulupong at ng lumilipad na makamandag na ahas, kanilang dinadala ang kanilang mga kayamanan sa mga balikat ng mga batang asno, at ang kanilang mga iniimpok sa katipunan ng mga kamello, sa isang bayan na hindi makapagpapakinabang sa kanila. **7** Sapagka't ang Egipto ay tumulong na walang kabuluhan, at walang kapararakan: kaya't aking tinawag siyang Rahab na umuupong walang kibo. **8** Ngayoy yumaon ka, isulata mo sa harap nila sa isang tabla, at italata mo sa isang libro, upang manatili sa panahong darating na walang hangan. **9** Sapagka't mapanghimagsik na bayan, mga sinungaling na anak, mga anak na hindi didinig ng kautusan ng PANGINOON: **10** na nagsasabi sa mga mapagkita: Huag kayong kumita; at sa mga profeta: Huag kayong manghula sa amin ng mga matuid na bagay, magsalita kayo sa amin ng mga malubay na bagay, manghula kayo ng mga magdarayang bagay: **11** hupiwalay kayo sa daan, lumiko kayo sa landas, paa-

lisin ninyo ang Santo ng Israel sa harap namin. **12** Kaya't ganito ang sabi ng Santo ng Israel: Sapagka't inyong niwalang kabuluhan ang salitang ito, at umaasa kayo sa pagpighati at kasam-an, at inyong pinamalagian; **13** kaya't ang kasam-ang ito ay magiging sa inyo'y parang pader na sira na madaling mahuhulog, na natatanggal sa isang matayog na pader, na ang pagkasira ay dumarating na bigla sa isang sandali. **14** At kaniyang babasagin na gaya ng pagbasag ng sisidlan ng magpapaliok, na nababasag na pirapiraso na walang patawad; na ano pa't walang masusumpungan sa mga piraso niya na bibinga, o maitimba ng tubig sa balon. **15** Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoong Dios, ng Santo ng Israel: Sa pagbabalik at sa pagpapahinga ay maliligtas kayo; nasa katahimikan at sa pag-asa ang inyong lakas: at hindi ninyo inibig. **16** Ngunit inyong sinabing; Hindi, sapagka't kami ay tatakas na nangakakabayo; kaya't kayo'y tatakas: at: Kami ay sasakay sa mga maliksi; kaya't silang humahabol sa inyo ay magiging maliksi. **17** Isang libo ay tatakas sa saway ng isa; sa saway ng lima ay tatakas kayo: hangang sa kayo'y maiwang parang isang tanda sa taluktok ng bundok, at parang isang bandila sa isang burol. **18** At kaya't maghibintay ang PANGINOON, upang siya'y maging mapagbiyaya sa inyo, at kaya't siya'y mataatas, upang siya'y magkaroon ng habag sa inyo: sapagka't ang PANGINOON ay Dios ng kabatulan; mapalad yaong lahat na naghibintay sa kaniya.

**19** Sapagka't ang bayan ay tahanan sa Sion sa Jerusalem: kayo'y hindi na iiyak pa; siya'y tunay na magiging mapagbiyaya sa iyo sa voces ng iyong daing; pagka kaniyang maririnig, siya'y sasagot sa iyo. **20** At bago man bigyan kayo ng Panginoon ng tinapay ng kapighatian at ng tubig ng kadalamhatian, gayon ma'y hindi na makukubli pa ang iyong tagapagturo, kungdi makikita ng iyong mga mata ang iyong mga tagapagturo: **21** at ang iyong mga pakinig ay nakakarinig ng salita sa likuran mo, na nagsasabing: Ito ang daan, lakaran ninyo; pagka kayo'y pumipihit sa kanan, at pagka kayo'y pumipihit sa kaliwa. **22** At inyong dudumhan ang mga lamina ng iyong mga larawang pilak na hiniehurahan, at ang pangbalot sa iyong mga larawang ginto na binubo: iyong mga iha-

bagis na parang maruming bagay; iyong sasabihin sa kaniyang: Tabi. **23** At ang Panginoon ay magbibigay ng ulan sa iyong binhi, na iyong habasikan ang lupa; at ng tinapay na bunga ng lupa, at magiging mataba at sagana: sa araw na yaon ay sasabsab ang iyong mga hayop sa mga malaking sabsaban. **24** Ang iyong mga baka at gayon din ang mga guyang asno na bumubukid ng lupa ay kakain ng may lasang pagkain, na pinahanginan ng pala at hunkoy. **25** At magkakaroon sa lahat na mataas na bundok, at sa lahat na matayog na burol, mga ilog, at mga agos ng tubig, sa araw ng malaking patayan, pagka ang mga moog ay nabubual. **26** Bukod dito'y ang liwanag ng buan ay magiging gaya ng liwanag ng araw, at ang liwanag ng araw ay magpipito, na gaya ng liwanag ng pitong araw, sa araw na talian ng PANGINOON ang sugat ng kaniyang bayan, at gamutin ang hampas sa kanilang sugat.

**27** Narito, ang pangalan ng PANGINOON ay nagmumula sa malayo, na nagniningas ng kaniyang galit, at sa salimuot na bumabanang usok: ang kaniyang mga labi ay puno ng galit, at ang kaniyang dila ay parang mamumugnaw na apoy: **28** at ang kaniyang hinga ay parang bahang agos, na umaabot hangang sa leeg, upang papihitan ang mga nasyon ng pamihit na kawalang kabuluhan: at isang paningkaw na nakapagpapaligaw ay malubag sa mga pangang ng mga bayan. **29** Kaya'y magkakaroon ng awit na gaya sa kinagabihan na pagka ang santong kapistahan ay ipinagdidiwang; at kasayahang ng puso, gaya ng yimayaon na may flauta upang masok sa bundok ng PANGINOON, sa Bato ng Israel. **30** At iparirinig ng PANGINOON ang kaniyang malualbating voces, at ipakikilala ang pagbaba ng kaniyang kamay, na may kagalitan ng kaniyang galit, at ang liab ng mamumugnaw na apoy, na may alipato, at bagyo, at granizo. **31** Sapagka't sa pamamagitan ng voces ng PANGINOON ay magkakapirapiraso: ang taga Asiria, na sumugat ng panghampas. **32** At baw't hampas ng takdang tungkod, na ilalalag ng PANGINOON sa kaniya, mangyayaring may mga pandereta at may mga alpa: at sa mga pakikipagbakang may pagkauga ay babaka siya sa kanila. **33** Sapagka't ang Tofet ay hauda ng malaon; oo, para sa hari ay inihanda; kaniyang pinalalim at pinalaki: ang bumton

noon ay apoy at maraming kahoy: ang hinga ng PANGINOON ay gaya ng agos ng azufre, nagniningas.

**31** Sa aba nila na bumababa sa Egipto sa pagtulong, at umaasa sa mga kabayo; at umaasa sa mga karro, sapagka't marami, at sa mga mangangabayo, sapagka't mga totoong napakalakas; nguni't hindi sila tumitingin sa Sante ng Israel, o humahanap man sa PANGINOON! **2** Gayon ma'y siya'y pantas, at magdadala ng kasam-an, at hindi babaguhin ang kaniyang mga salita: kungdi magbabangon laban sa bahay ng mga mangagawa ng kasam-an, at laban sa pagtulong nila na gumagawa ng kasam-an. **3** Ang mga taga Egipto nga ay mga tawo, at hindi Dios; at ang kanilang mga kabayo ay laman, at hindi espiritu: at pagka iunat ng PANGINOON ang kaniyang kamay, siyang tumutulong ay matitiod, at gayon din siyang tinutulungan ay mabubual, at silang labat ay manlulupaypay na magkakasama. **4** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON sa aking: Kung paano na ang leon ay umuungal at ang batang leon ay sa kaniyang huli, kung ang karamihan ng mga pastor ay nagpipisan laban sa kaniya, hindi siya manlulupaypay sa kanilang voces, o maduduag man dahil sa ingay nila: gayon bababa ang PANGINOON ng mga hukbo sa bundok ng Sion, at sa burol noon upang bumaka. **5** Kung paanong lumilipad ang mga ibon, gayon aampunin ng PANGINOON ng mga hukbo ang Jerusalem; kaniyang aampunin at ililigtas, siya'y daraan at pananatilihin niya. **6** Kayo'y bumalik sa kaniya na inyong pinanghimagsikang mainam, O! mga anak ng Israel. **7** Sapagka't sa araw na yaon ay ihahagis ng baw't tawo ang kaniyang mga idolo na pilak, at ang kaniyang mga idolo na ginto na ginawa ng inyong sariling mga kamay sa ganang inyo na pinakakasalanan. **8** Kung magkagayo'y mabubual ang tuga Asiria sa pamamag-itan ng tabak, hindi ng tawo; at ang tabak, na hindi sa mga tawo, lalamon sa kaniya: at kaniyang tatakasan ang tabak, at ang kaniyang mga binata ay magiging mamumuis. **9** At ang kaniyang bato ay lalagpas, dahil sa kakilabutan, at ang kaniyang mga pangulo ay manlulupaypay sa bandila, sabi ng PANGINOON, na ang kaniyang apoy ay nasa Sion, at ang kaniyang burno ay nasa Jerusalem.

**32** Narito, isang hari ay maghahari sa kabanalan, at mga pangulo ay magpupunò sa kahatulan. **2** At ang isang lalaki ay magiging parang isang kublihang lugar sa hangin, at silungan sa bagyo; parang mga ilog ng tubig sa tuyong lugar, parang lilim ng malaking bato sa kinapapagurang lupain. **3** At ang mga mata nila na nakakakita ay hindi manlalabo, at ang mga tainga nila na nakikinig ay makikinig. **4** Ang puso naman ng walang bahala ay makakaalam ng kaalaman, at ang dila ng mga utal ay maghahanda upang magsalita ng malinaw. **5** Ang masamang tawo ay hindi na tatawagin pang mahal, o ang magdaraya man ay sasabihing magandang-loob. **6** Sapagka't ang masamang tawo ay magsasalita ng kamangmang-an, at ang kaniyang puso ay gagawa ng kasam-an, upang magsanay ng pagdomi, at magsalita ng kamalian laban sa PANGINOON, upang tuyuin ang kaluluha ng gutom, at upang papagkulanin ang iuumin ng uhaw. **7** Ang mga kasangkapan naman ng magdaraya ay kasam-an: siya'y kumakatha ng mga masamang katha upang ibual ang maamong-loob ng magdarayang salita, pagka ang mapagkailangan ay nagsasalita ng matuid. **8** Nguni't ang magandang loob ay kumakatha ng kagandahang-loob na mga bagay; at sa kagandahang-loob na mga bagay ay mananatili siya.

**9** Kayo'y bumangon, kayong mga babayeng walang bahala, at dingin ninyo ang voces ko; ninyong mga tiwalang anak na babaye, pakingan ninyo ang aking salita. **10** Sapagka't sa mga araw na sa dako pa roon ng isang taon ay mababagabag kayo, kayong mga tiwalang babaye: sapagka't ang ani ng uvas ay magkukulang, ang pag-aani ay hindi darating. **11** Kayo'y manginig, kayong mga babaye na walang bahala; kayo'y mabagabag, kayong mga tiwala: kayo'y maghubo, at kayo'y maghubad, at magbigkis kayo ng kayong magaspang sa inyong mga balakang. **12** Sila'y dadagok sa mga dibdih dahil sa mga maligayang parang, dahil sa mabunngang puno ng uvas. **13** Sa lupain ng aking bayan ay sasampa ang mga tinik at mga dawag; oo, sa lahat na bahay na kagalakan sa galak na ciudad: **14** sapagka't ang palacio ay mapapabayaan; ang matawong bayan ay magiging ilang; ang burol at ang bantayang moog ay magiging

mga pinakayungib magpakailan man, kagalakan ng mga mabangis na asno, sababanan ng mga kawan; 15 hangang sa mabuhos sa atin ang espiritu mula sa itaas, at ang ilang ay maging nabungang parang, at ang mabungang parang ay mabilang na pinakagubat. 16 Kung magkagayo'y tatahan ang kahatulan sa ilang, at ang kabanalan ay titira sa mabungang bukid. 17 At ang gawa ng kabanalan ay magiging kapayapaan; at ang bunga ng kabanalan ay katahimikan at pagkakatiwala kailan man. 18 At ang bayan ko ay tatahan sa payapang tahanan, at sa mga tiwasay na tahanan at sa mga tahimik na lugar na pahingahan. 19 Ngunit mahuhulog ang granizo, sa paggiba sa gubat; at ang ciudad ay lubos na mabababa. 20 Mapalad kayo na naghahasik sa siping ng labat na tubig na nagpapalakad ng mga paa ng baka at ng asno.

**33** Sa aha mo na sumasamsam, at ikaw ay hindi nasamsaman; at gumagawa na may karayaan, at sila'y hindi gumawang may karayaan sa iyo! Pagka ikaw ay naglikat ng pagsamsam, ikaw ay sasamsaman; at pagka ikaw ay nakatapos ng paggawang may karayaan, sila'y gagawang may karayaan sa iyo. 2 Oh PANGINOON, mahabag ka sa amin; aming hinintay ka: ikaw ay maging kanilang kamay tuing umaga, aming kaligtasan naman sa panahon ng kabagabagan. 3 Saing ay ng kagulo ay tumatakas ang mga bayan; sa pagbangon mo ay nangalat ang mga nasyon. 4 At ang inyong samsam ay pipisanin na gaya ng pagpisan ng uod: kung paanong ang mga balang ay lumulukso ay gayon luluksohan nila. 5 Ang PANGINOON ay nataas; sapagka't siya'y tumatahan sa mataas: kaniyang pinuno ang Sion ng kahatulan at kabanalan. 6 At magkakaroon ng kapanatilihan sa iyong mga panahon, kasaganaan ng kaligtasan, karunungan at kaalaman: ang takot sa PANGINOON ay kaniyang kanyamanan.

7 Narito, ang kanilang mga matapang ay humihiyaw sa labas, ang mga sugo ng kapayapaan ay umiiyak na may kapaitan. 8 Ang mga maluag na langganan ay giba, ang mapagdaang tawo ay naglikat: kaniyang sinira ang tipan, kaniyang niwalang kabuluhan ang mga ciudad, hindi niya hiniligan ang lalaki. 9 Ang lupain

ay tumatangis at nanlulupaypay: Ang Libano ay nahiya at nanlalata: ang Saron ay parang isang ilang; at ang Basan at ang Karmelo ay napaspas ang kanilang mga dahon. 10 Ngayo'y babangon ako, sabi ng PANGINOON; ngayo'y magpapakataas ako; ngayo'y magpapakadakila ako. 11 Kayo'y maglilihi ng tambo, kayo'y manganganak ng dayami: ang inyong hinga ay apoy na pumupugnaw sa iyo. 12 At ang mga bayan ay gaya ng mga pagkaunog ng apog: gaya ng mga naputol na mga tinik, na mga nasunog sa apoy.

13 Pakingan ninyo, ninyong nasa malayo, kung ano ang aking ginawa; at kilalanin ninyo na nasa malapit, ang aking kapangyarihan. 14 Ang mga makasalan sa Sion ay natakot; pangginging ay gumulat sa mga salawahan; Sino sa atin ang tatahang kasama ng mamumugnaw, na apoy? Sino sa atin ang tatahang kasama ng walang hangang pagninging? 15 Siyang lumalakad na may kabanalan, at nagsasalita ng matuid; siyang muwa walang kabuluhan ng pakinabang ng mga kapighatian, na inihihilalay ang kaniyang mga kamay sa paghawak ng mga suhol, na nagtatakip ng kaniyang mga tainga ng pagdinig ng tungkol sa dugo, at ipinipikit ang kaniyang mga mata ng pagtingin sa kasaman; 16 siya'y tatahan sa mataas: ang kaniyang lugar na sangalangan ay siyang mga katibayan ng mga bato: ang kaniyang tinapay ay mabibigay sa kaniya; ang kaniyang mga tubig ay magiging tunay. 17 Angiyong mga mata ay makakakita ng hari sa kaniyang kagandahan: sila'y titingin sa isang lupaing malawak. 18 Ang iyong puso ay gugunita ng kakilabutan: saan nandoon siya na bumibilang, saan nandoon siya na tumitimbang ng buis? saan nandoon siya na bumibilang ng mga moog? 19 Hindi mo makikita ang mabangis na bayan, ang bayan na may malalim na salita na hindi mo matatalastas; na may ibang dila na hindi mo mababatid. 20 Tumingin ka sa Sion, sa ciudad ng aming mga dakilang kapistahan: makikita ng iyong mga mata ang Jerusalem na tahimik na tahanan, ang dampang hindi makikilos, ang mga tulos noo'y hindi mabubunot kailan man, o mapapatid man ang alin man sa mga tali noon. 21 Kung di doon ay sasa atin ang PANGINOON sa kamahalan, na lugar ng mga maluag na ilog at mga agos; na hindi daranan ng mga banka na may mga

saguan, o daraanan man ng magilas na sasakyan. 22 Sapagka't ang PANGINOON ay ating hukom, ang PANGINOON ay ating mangagawa ng kautusan, ang PANGINOON ay ating hari; kaniyang ililigtas tayo. 23 Ang iyong mga tali ay nakalag: hindi nila mapatuid ang kanilang palo, hindi nila mailalad ang layag: ang huli nga na malaking samsam ay binabahagi; ang pilay ay kumuha ng huli. 24 At ang mananahan ay hindi magsasabing: Ako'y may sakit: ang bayan na tumatahan doon ay patatawarin sa kanilang kasam-an.

**34** Kayo'y lumapit, kayong mga nasyon, upang makinig; at dingin ninyo, ninyong mga bayan: dingin ng lupa, at ng tanang nandoon; ng sanlibutan, at ng lahat na bagay na lumalabas sa kaniya. 2 Sapagka't ang PANGINOON ay may galit laban sa lahat na nasyon, at pag-iimit laban sa lahat nilang hukbo: kaniyang lubos na giniba sila, kaniyang ibinigay sila sa pagkamatay. 3 Ang kanilang patay naman ay mahahagis, at ang baho ng kanilang mga bangkay ay aalingasaw, at ang mga bundok ay tutunawin ng kanilang dugo. 4 At ang boong hukbo sa langit ay malilipol, at ang mga langit ay makukunot na parang libro: at ang boo nilang hukbo ay manlulupaypay, na gaya ng dahon na nalalanta sa puno ng uyas, at gaya ng lantang dahon ng puno ng bigos. 5 Sapagka't ang aking tabak ay nalango sa langit: narito, bababa sa Edom, at sa bayan ng aking sumpa, sa kahatulan. 6 Ang tabak ng PANGINOON ay napuno ng dugo, tumaba ng katabaan, ng dugo ng mga cordero at ng mga kambing, ng taba ng mga bato ng mga lalaking tupa: sapagka't ang PANGINOON ay may hayin sa Bozra, at malaking pagpatay sa lupain ng Edom. 7 At ang mga mabangis na baka ay bababang kasama nila, at ang mga baka na kasama ng mga toro, at ang kanilang lupain ay malalango ng dugo, at ang kanilang alabok ay tumaba ng katabaan. 8 Sapagka't araw ng pagganti ng PANGINOON, na taon ng kagantihan sa pag-aaway sa Sion. 9 At ang mga agos niya ay magiging sahing, at ang alabok niya ay azufre, at ang lupain niya ay magiging nagningngas na sahing. 10 Hindi mapapatay sa gabi o sa araw man; ang usok noon ay ilanglang magpakailan man: sa boong panahon ay malalagay na giba; walang daraan mag-

pakailan man. 11 Kungdi aarin ng ibong pelikano at ng hayop na erizo; at ang kuago at ang owak ay tatahan doon: at kaniyang iumat doon ang panali ng kalituhan, at ang panguhit ng katuyuan. 12 Kanilang tatawagin ang mga mahal noon sa kaharian, nguni't mawawalan doon; at lahat niyang mga pangulo ay mawawalan ng kabuluhan. 13 At mga tinikan ay sasampa sa kaniyang mga palacio, mga siitan at mga lipay sa mga kuta noon: at magiging tahanan ng mga chakal, looban ng mga aves-truz. 14 At ang mga mabangis na hayop sa ilang ay makikipagsalubong doon sa mga lobo, at ang lalaking kambing ay hihiyaw sa kaniyang kasama; oo, ang lilith ay tatahan doon, at makakasumpung siya ng lugar na pahingahan. 15 Doon maglulunga ang maliksing ahas, at mangingitlog, at manganganak, at aampunin sa ilalim ng kaniyang lilim: oo, doon magpipipisan ang mga lawin, baw't isa'y kasama ng kaniyang kasama. 16 Inyong hanapin sa libro ng PANGINOON, at inyong basahin: kahi't isa sa mga ito ay hindi magkukulang, walang magkakailangan sa kaniyang kasama: sapagka't iniutos ng aking bibig, at mga pinisan ng kaniyang espiritu. 17 At kaniyang mga pinagsapalarang-laro, at binahagi ng kaniyang kamay sa kanila sa pamamagitan ng pisi: kanilang aarin magpakailan man, sa lahi't lahi ay tataan sila doon.

**35** Ang ilang at ang mapanglaw na lugar ay matutua, at ang ilang ay magagalak, at mamumulaklak na parang rosa. 2 Mamumulaklak na sagana, at magagalak ng kagalakan at awitan; ang kalualhatian ng Libano ay mabibigay doon, ang karilagan ng Karmelo at ng Saron: kanilang makikita ang kalualhatian ng PANGINOON, ang karilagan ng ating Dios.

3 Inyong palakasin ang mga mahinang kamay, at patataging ang mga mahinang tuhod. 4 Inyong sabihin sa kanila na matatakuting puso: Kayo'y magpakatampang, huag kang matakot: parito, ang inyong Dios ay pariritong may pagganti, may kagantihan ng Dios; siya'y paririto at ililigtas kayo. 5 Kung magkagayo'y madidilat ang mga mata ng bulag, at ang mga pakinig ng bingi ay mabubuksan. 6 Kung magkagayo'y luluko ang pilay na parang usa, at ang dila ng pipi ay

aawit : sapagka't sa ilang ay bubukal ang mga tubig, at mga batis sa ilang. 7 At ang tubinginang lumiliwanag ay magiging lawa, at ang uhaw na lupa ay mga bukal ng tubig: sa tahanan ng mga chakal, na kanilang hinihiligan, magkakaroon ng mga kawayan at mga yantok. 8 At magkakaroon doon ng isang maluang na langganan, at isang langganan, at tatawaging: Ang langganan ng kasantosan; ang marumi ay hindi daraan doon; kungdi magiging sa mga yaon: ang mga mapagdaang tawo, oo, ang mga mangmang, hindi maliligaw doon. 9 Hindi magkakaroon ng leon doon, o sasampa man doon ang ano mang mabangis na hayop, hindi mgasusumpungan doon; nguni't ang tinubos ay lalakad doon: 10 at ang mga natubos ng PANGINOON ay magbabalik, at paroroon ng nag-aawitan sa Sion; at mga walang hangang kagalakan ay mapapasa kanilang mga ulo: sila'y magtatamo ng kasayahan at kagalakan, at ang kapanlawan at ang pagbubuntong hininga ay tatakas.

**36** Nangyari nga ng ikalabing apat na taon ng haring Ezekias, na sumampa si Senakerib na hari sa Asiria laban sa lahat na ciudad na nakukutean sa Juda, at mga sinakop. 2 At sinugo ng hari sa Asiria si Rabsakes sa Jerusalem mula sa Lakis sa haring Ezekias, na may malaking kawal. At siya'y tumayo sa tabi ng agusan ng tubig ng lalong mataas na tipunan ng tubig sa maluang na daan sa parang ng batanero. 3 Ng magkagayo'y nilabas siya ni Eliakim na anak ni Asaf na tagapagpaalala. 4 At sinabi ni Rabsakes sa kanilang: Sabihin ninyo ngayon kay Ezekias: Ganito ang sabi ng dakilang hari, ng hari sa Asiria: ¿Anong pag-asa itong iyong inaasahan? 5 Aking sinasabing ang iyong payo at kalakasan para sa pagbabaka ay mga salitang walang kabuluhan lamang: ngayo'y ¿kanino ka umaasa, na ikaw ay nanghimagsik laban sa akin? 6 Narito, ikaw ay umaasa sa tungkod na ito na kahoy na lapok, sa makatuid bagay sa Egipto; na kung ang sino man ay sumandal, papasok sa kaniyang kamay, at palalagpasan: gayon si Faraong hari sa Egipto sa lahat na umaasa sa kaniya. 7 Nguni't kung iyong sabihin sa aking: Kami ay umaasa sa PANGINOONG aming Dios: ¿hindi ba siya'y

yaong inalisan ni Esekias ng mga mataas na lugar, at ng mga altar, at nagsabi sa Juda at sa Jerusalem: Kayo'y sasamba sa harap ng altar na ito? 8 Isinasamo ko nga ngayon sa iyo, na magbigay ka ng mga sanla sa aking panginoon: ma hari sa Asiria, at bibigyan kita ng dalawang libong kabayo, kung ikaw ay makapagilagay sa ganang iyo ng mga mananakay sa mga yaon. 9 ¿Paano ngang iyong mapapipihit ang mukha ng isang kapitan sa pinakamababa sa mga alipin ng aking panginoon, at ilalagak mo ang iyong pag-asa sa Egipto dahil sa mga karro at dahil sa mga mangangabayo? 10 ¿At ako ba'y sumampa na di ko kasama ang PANGINOON laban sa lupaing ito upang lipulin? Sinabi ng PANGINOON sa aking: Ikaw ay sumampa laban sa lupaing ito, at iyong lipulin! 11 Ng magkagayo'y sinabi ni Eliakim, at ni Sebna at ni Joah kay Rabsakes: Isinasamo ko sa iyo na ikaw ay magsalita sa iyong mga alipin ng wikang Siria; sapagka't aming nalalaman: at huag kang magsalita sa amin ng wikang Judio; sa mga pakinig ng bayan na nasa kuta! 12 Nguni't sinabi ni Rabsakes: ¿Sinugo ba ako ng aking panginoon sa iyong panginoon, at sa iyo, upang magsalita ng mga salitang ito? ¿diba niya ako sinugo sa mga lalaki na nakaupo sa kuta, upang kumain ng kanilang sariling dum, at upang uminom ng kanilang ihi na kasama ninyo? 13 Ng magkagayo'y tumayo si Rabsakes at humiyaw ng malakas na voces sa wikang Judio, at nagsabing: Dingin ninyo ang mga salita ng dakilang hari, ng hari sa Asiria. 14 Ganito ang sabi ng hari: huag kayong dayain ni Ezekias; sapagka't hindi niya maililigtas kayo: 15 o paasahin man kayo ni Ezekias sa PANGINOON, na sabihing: Walang pagsalang ililigtas tayo ng PANGINOON ang ciudad na ito ay hindi mabibigay sa kamay ng hari sa Asiria. 16 Huag ninyong dingin si Ezekias: sapagka't ganito ang sabi ng hari sa Asiria: Maki-pagpapayaan kayo sa akin, at labasin ninyo ako; at kumain ang baw't isa sa inyo ng kaniyang puno ng uvas, at ang baw't isa ng kaniyang puno ng higos, at inumin ng baw't isa sa inyo ang mga tubig ng kaniyang sariling balon: 17 hangang sa ako'y dumating at dahil ko kayo sa isang lupaing gaya ng inyong sariling lupain, na lupain ng trigo at ng alak, na lupain ng tinapay at ng mga uvasan. 18 Huag kayong mahikayat ni

Ezekias, na sabihing: Iiligtas tayo ng PANGINOON. **1** Nagligtas ba ang sino man sa mga dios sa mga nacion ng kaniyang lupain sa kamay ng hari sa Asiria? **19** **1** Saan nandoon ang mga dios ng Hamat at ng Arpad? **2** saan nandoon ang mga dios ng Sefarvaim? **3** at iniligtas ba nila ang Samaria sa aking kamay? **20** **2** Sino sa kanila sa lahat na dios ng mga lupaing ito, ang nagligtas ng kanilang lupain sa aking kamay, na iiligtas ng PANGINOON ang Jerusalem sa aking kamay? **21** Ngunit sila'y tumahimik at hindi sumagot sa kaniya ng kahit isang salita: sapagka't utos ng hari nga, na sinabing: Huag ninyong sagutin siya. **22** Ng magkagayo'y napaaron si Eliakim na anak ni Elkias, na siyang tagapamahala sa bahay, at si Sebna na kalihim at si Joah na anak ni Asaf na tagapagpaalala, kay Ezekias na ang kanilang damit ay hapak, at isinaysay sa kaniya ang mga salita ni Rabsakes.

**37** At nangyari, ng marinig ng haring Ezekias, na hinapak niya ang kaniyang mga suot, at nagbalot ng kayong magaspang, at nasok sa bahay ng PANGINOON. **2** At kaniyang sinugo si Eliakim, na usa pamamahala sa bahay, at si Sebna na kalihim, at ang mga matanda sa mga sacerdote, na may balot na kayong magaspang, kay Isaias na profeta na anak ni Amoz. **3** At sinabi nila sa kaniyang: Ganito ang sabi ni Ezekias: Ang araw na ito ay araw ng kabagabagan, at ng pagsaway, at ng pagkutyay: sapagka't ang mga anak ay dumating sa kapanganakan, at walang kalakasang ilabas. **4** Marahil ay didingin ng PANGINOONG iyong Dios ang mga salita ni Rabsakes, na siyang sinugo ng kaniyang panginoon na hari sa Asiria, upang tungayawin ang buhay na Dios, at sansalain ang mga salita na narinig ng PANGINOONG iyong Dios: kaya't ilakas mo ang iyong dalangin dahil sa nalabi na naiwan. **5** Sa gayo'y ang mga lingkod ng haring Ezekias ay napaaron kay Isaias. **6** At sinabi ni Isaias sa kanilang: Ganito ang inyong sasabihin sa inyong panginoon: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Huag kang matakot sa mga salita na iyong narinig, na ipinanungyaw sa akin ng mga lingkod ng hari sa Asiria. **7** Narito, ako'y maglalagay ng espiritu sa kaniya, at siya'y makakarinig ng ingay, at magbabalik sa kaniyang sariling lupain; at aking ipabubual siya sa pamamagitan ng tabak sa kaniyang sariling lupain.

**8** Sa gayo'y nagbalik si Rabsakes, at nasumpungan ang hari sa Asiria na nakikipagbaka laban sa Libna: sapagka't narinig niya na kaniyang nilisan ang Lakis. **9** At kaniyang narinig na sinabi tungkol kay Tirhaka na hari sa Etiopia: Siya'y lumabas upang bumaka laban sa iyo. At ng kaniyang marinig, siya'y nagsugo ng mga sugo kay Ezekias, na nagsabing: **10** Ganito ang inyong sasali-tain kay Ezekias na hari sa Juda, na sasabihing: Huag kang dayain ng iyong Dios na iyong innaasahan, na sabihing: Ang Jerusalem ay hindi mabibigay sa kamay ng hari sa Asiria. **11** Narito, narinig mo kung ano ang ginawa ng mga hari sa Asiria sa lahat ng lupain, sa paglipol sa kanila na lubos: **2** at maliligtas ka ba? **12** **2** Iniligtas ba sila ng mga dios ng mga nacion, na siyang nilipol ng aking mga magulang, gaya ng Gozan, ng Karan, at ng Refez, at ng mga anak ng Eden, na nasas Telassar? **13** **2** Saan nandoon ang hari sa Hamat, at ang hari sa Arpad, at ang hari sa ciudad ng Sefarvaim, sa Hena, at sa Iva? **14** At tinanggap ni Ezekias ang sulat sa kamay ng mga sugo, at binasa: at sumampa si Ezekias sa bahay ng PANGINOON, at binuklat sa harap ng PANGINOON. **15** At si Ezekias ay dumalangin sa PANGINOON, na nagsabing: **16** Oh PANGINOON ng mga hukbo, na Dios ng Israel, na nauupo sa mga kerubin, ikaw ang Dios, ikaw lamang, sa lahat ng kaharian sa lupa; ikaw ang lumikha ng langit at lupa. **17** Ikinging mo ang iyong pakinang, Oh PANGINOON, at iyong dingin; idilat mo ang iyong mga mata, Oh PANGINOON, at tumingin ka: at dingin mo ang lahat na salita ni Senakerib, na kaniyang ipinasugo upang ipanungyaw sa buhay na Dios. **18** Sa katotohanan, PANGINOON, sinira ng mga hari sa Asiria ang lahat na lupain, at ang kanilang lupain, **19** at inihagis ang kanilang mga dios sa apoy: sapagka't sila'y hindi mga dios, kungdi mga gawa ng mga kamay ng mga tawo, kahoy at bato; kaya't kanilang mga nilipol. **20** Ngayon nga, Oh PANGINOONG aming Dios, iligtas mo kami sa kaniyang kamay, upang makilala ng lahat na kaharian sa lupa, na ikaw ang PANGINOON, ikaw lamang.

**21** Ng magkagayo'y nagsugo si Isaias na anak ni Amoz kay Ezekias, na nagsabing: Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel: Sa paraang ikaw ay dumalangin sa akin laban kay Senakerib na



hari sa Asiria, 22 ito ang salita na sinalita ng PANGINOON tungkol sa kaniya: Niwalang kabuluhan ka ng anak na dalaga ng Sion, at tinatawanan ka upang mangalit; iginagalaw ang kaniyang ulo sa iyo ng anak na babaye ng Jerusalem. 23 ; Sino ang iyong pinulaan at tinungayaw? ; at laban kanino itinaas mo ang iyong voces at ipinandilat mo ang iyong mga mata ng mataas? laban sa Santo ng Israel nga. 24 Sa pamamag-itan ng iyong mga lingkod ay iyong pinulaan ang Panginoon, at nagsabi kang: Sa karamihan ng aking mga karro ay nakasampa ako sa kataasan ng mga bundok, sa mga kalobloobang bahagi ng Libano; at aking ibubulag ang mga matayog na cedro noon, at ang mga piling puno ng abeto noon: at ako'y papasok sa pinakataluktok na kataasan, na gubat ng kaniyang mabungang bukid. 25 Ako'y humukay at uminom ng tubig, at aking tutuyuin ang lahat ng ilog sa Egipto ng talampakan ng aking mga paa. 26 ; Hindi mo ba marinig kung paanong aking ginawa na malaon na, at aking itakala ng una? ngayo'y aking pinapangyari, upang iyong sirain ang mga ciudad na nakukutaan sa mga wasak na buntod. 27 Kaya't ang kanilang mga mananahan ay may munting kapangyarihan, sila'y nanganlupaypay at nangatullig; sila'y gaya ng damo sa bukid, at ng sariwang gugulayin, gaya ng damo sa mga pulupo, at gaya ng bukid ng trigo bago makataas. 28 Nguni't talastas ko ang iyong pag-upo at ang iyong paglabas, at ang iyong pagpasok, at ang iyong galit laban sa akin. 29 Dahil sa iyong galit laban sa akin, at dahil sa iyong kagilasan ay sumampa sa aking mga pakinig, kaya't ilalagay ko ang aking binguit sa iyong ilong, at ang aking pangingkaw sa iyong mga labi, at aking pabalikin kita sa daan na iyong pinangalingan. 30 At ito ang magiging tanda sa iyo: kayo'y kakain sa taong ito ng tumutubo sa sarili, at sa ikalawang tao'y ang tumubo doon; at sa ikatlong taon ay kayo'y maghasik, at umani, at magtanim ng mga uvasan, at kanin niyo ang bunga noon. 31 At ang nalabi na nakataanan sa bahay ng Juda ay mag-uugat uli sa ilalim, at magbubunga sa itaas. 32 Sapagka't sa Jerusalem ay lalabas ang nalabi, at sa bundok ng Sion ay silang makatataanan: tutuparin ito ng sikap ng PANGINOON ng mga hukbo. 33 Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON

noon tungkol sa hari sa Asiria: Siya'y hindi paririto sa ciudad na ito, o magpapahilagpos man ng pana diyan, o habarap man siya diyan na may kalasag, o mahahagis ang bundok laban doon. 34 Sa daan na kaniyang pinangalingan, doon din siya balik, at hindi siya paririto sa ciudad na ito, sabi ng PANGINOON. 35 Sapagka't aking ipagsasangkalang ang ciudad na ito upang iligtas, dahil sa akin, at dahil sa aking aliping si David.

36 At ang angel ng PANGINOON ay lumabas, at sumugat sa kamento ng mga taga Asiria ng isang daan at walong puo't limang libo: at ng ang mga tawo ay magbangong maaga sa kinatmagahan, narito, na lahat ay mga katawang patay. 37 Sa gayo'y umalis si Senakerib na hari sa Asiria, at naparoon, at nagbalik, at tumahan sa Ninive. 38 At nangyari, ng siya'y sumasamba sa bahay ni Nisrok na kaniyang dios, na sinugatan siya ng tabak ni Adramelek at ni Sazezer na kaniyang mga anak: at sila'y tumakas na patungo sa lupain ng Ararat. At si Esar-hadon na kaniyang anak ay naghari na kahalili niya.

**38** Ng mga araw na yaon ay may sakit na ikamamatay si Ezekias. At si Isaias na profeta na anak ni Amos ay naparoon sa kaniya, at nagsabi sa kaniyang: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Ayusin mo ang iyong bahay, sapagka't ikaw ay mamamatay, at hindi mabubuhay. 2 Ng magkagayo'y ipinihit ni Ezekias ang kaniyang mukha sa panig, at nanalanging sa PANGINOON, 3 at nagsabing: Isinasamo ko sa iyo, Oh PANGINOON, na iyong alalahanin, kung paanong ako'y lumakad sa harap mo sa katotohanan, at may dalisay na puso, at gumawa ng mabuti sa iyong pangingin. At si Ezekias ay umiyak na mainam. 4 Ng magkagayo'y dumating ang salita ng PANGINOON kay Isaias, na nagsabing: 5 Ikaw ay yumaon, at magsabi kay Ezekias: Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ni David na iyong magulang, aking parinig ang iyong panalangin, aking nakita ang iyong mga luha: narito, aking idadagdag sa iyong mga araw ay labing limang taon. 6 At aking ililigtas ikaw at ang ciudad na ito sa kamay ng hari sa Asiria: at aking ipagsasangkalang ang ciudad na ito. 7 At ito ang magiging pinaka tanda sa iyo na mula sa PANGINOON, na gagawin ng PANGINOON ang bagay na ito na kaniyang sinalita: 8 narito, ako'y magpapau-

rong ng lilim sa mga grado na pababa sa mga grado ni Ahaz sa pamamag-itan ng araw, ng sampuon grado. Sa gayo'y nagpahuli ang araw ng sampuon grado sa mga grado na nababaan.

9 Ang sulat ni Ezekias na hari sa Juda, ng siya'y magkasakit, at gumaling sa kaniyang sakit.

10 Aking sinabing: Sa kasibulan ng aking mga araw ay papasok ako sa mga pintuang-daan ng libingan: Ako'y nabawahan sa labis ng aking mga taon.

11 Aking sinabing: Hindi ko makikita ang PANGINOON, ang PANGINOON sa lupain ng may buhay:

Ilindi ko na makikita pa ang tawo, na kasama ng mga mabahiran sa sanlibutan.

12 Ang tahanan ko ay nabago, at naalis sa akin na parang dampa ng pastor: Ako'y pumihit na parang manghahabi ng aking buhay; kaniyang ihiliwalay ako sa habihan:

Mula sa araw hangang sa kinagabihan ay tatapusin mo ako.

13 Ako'y tumigil hangang sa kinuumagahan; kung paano ang leon, gayon niya binali ang lahat kong mga buto:

Mula sa araw hangang sa kinagabihan ay tatapusin mo ako.

14 Kung paano ang langay-langayan o ang tagak, gayon pumipiak ako; Ako'y tumangis na parang kalapati: ang aking mga mata ay nangangalmata sa pagtuturingin sa itaas;

Oh PANGINOON, ako'y napipighati, ikaw ay maging mananagot sa akin.

15 ¿Anong aking sasabihin? siya'y nagsalita sa akin, at kaniya namang ginawa:

Ako'y yayaong marahang lahat kong taon, dahil sa kapaitan ng aking kalulua.

16 Oh Panginoon, nabubuhay ang mga tawo sa pamamag-itan ng mga bagay na ito,

At boong nasa ilalim noon ang buhay ng aking espiritu:

Kaya't pagalingin mo ako, at ako'y iyong buhayin.

17 Narito, sa aking ikapapayapa ay nagtamo ako ng malaking kapaitan:

Nguni't ikaw, sa pag-ibig mo sa aking kalulua ay iyong iniligtas sa hukay ng kagibaan;

Sapagka't iyong inihagis ang lahat ng aking mga kasalanan sa iyong likuran.

18 Sapagka't hindi ka mapupuri ng libingan, hindi ka maipagdididiwang ng kamatayan:

Silang bumababa sa hukay ay hindi makaasa sa iyong katotohanan.

19 Ang may buhay, ang may buhay, siya'y pupuri sa iyo, gaya ng ginagawa ko sa araw na ito:

Ang ama sa mga anak ay magpapakilala ng iyong katotohanan.

20 Ang PANGINOON ay handa upang iligtas ako:

Kaya't aming nawitin ang aming mga awit sa mga instrumentong may kuerdas

Lahat ng araw ng aming buhay sa bahay ng PANGINOON.

21 Sinabi nga ni Isaias: Kumuha ng isang masa ng higos, at ilagay na pinakatapal sa sugat, at siya'y gugaling.

22 Sinabi rin ni Ezekias: ¿Ano ang tanda na aking isasampa sa bahay ng PANGINOON?

39 Ng panahong yaon si Merodak-baladan, na anak ni Baladan na hari sa Babilonia ay nagpadala ng mga sulat at isang kaloob kay Ezekias: sapagka't narinig niya na siya'y nagkasakit, at gumaling. 2 At si Ezekias ay natua sa kanila, at ipinakita sa kanila ang bahay ng kaniyang mga mahalagang bagay, ang pilak, at ang ginto, at ang mga pabango, at ang mahalagang langis, at ang boong bahay na kaniyang sakbatan, at lahat na nandoon sa kaniyang mga kayamanan: walang bagay sa kaniyang bahay, o sa boong sakop man niya, na hindi ipinakita ni Ezekias sa kanila. 3 Ng magkagayo'y naparoon si Isaias na profeta sa haring Ezekias, at nagsabi sa kaniyang: ¿Anong sinabi ng mga lalaking ito? ¿at saan nangaling na naparito sila sa iyo? At sinabi ni Ezekias: Sila'y naparito sa akin na mula sa malayong lupain, sa Babilonia. 4 Ng magkagayo'y sinabi uiyang: ¿Anong kanilang nakita sa iyong bahay? At sumagot si Ezekias: Lahat na nasa aking bahay ay kanilang nakita: walang ano mang bagay sa aking mga kayamanan na hindi ko ipinakikita sa kanila. 5 Ng magkagayo'y sinabi ni Isaias kay Ezekias. Iyong dingin ang salita ng PANGINOON ng mga hukbo. 6 Narito,

ang mga araw ay dumarating, na lahat na nasa iyong bahay, at mga kinamali ng iyong mga magulang hangang sa araw na ito, dadalhin sa Babilonia: walang maiiwan, sabi ng PANGINOON. 7 At sa iyong mga anak na magmumula sa iyo, na iyong ipanganganak, ay kanilang dadalhin; at sila'y magiging mga bating sa palacio ng hari sa Babilonia. 8 Ng magkawayo'y sinabi ni Ezekias kay Isaias: Mabuti ang salita ng PANGINOON na iyong sinalita. Kaniyang sinabi bukod dito: Sapagka't magkakaroon ng kapayapaan at katotohanan sa aking mga kaarawan.

**40** Inyong aliwin, inyong aliwin ang bayan, sabi ng inyong Dios. 2 Magsalita kayong may pag-aliw sa Jerusalem, at dumaing kayo sa kaniya, na ang kaniyang pakikipagbaka ay naganap, na ang kaniyang kasam-an ay ipinatawad; na siya'y tumanggap sa kamay ng PANGINOON ng doble para sa kaniyang lahat na kasalanan.

3 Ang voces ng isang dumadaing: Ihanda ninyo sa ilang ang daan ng PANGINOON, magtuid kayo sa ilang ng maluang na langsgangan para sa ating Dios. 4 Bawa't libis ay matataas, at bawa't bundok at burol ay mabababa: at ang baluktot ay matutuid, at ang mga bakobakong lugar ay mapapatag: 5 at ang kaluwalhatian ng PANGINOON ay mahahayag, at makikitang magkakasama ng lahat na laman: sapagka't sinalita ng ibig ng PANGINOON. 6 Ang voces ng isang nagsasabing: *Ikaw ay dumaing.* At sinabi ng isang: ¿Ano ang aking idadaing? Lahat ng laman ay damo, at ang boong kagandahan noon ay parang bulaklak ng parang: 7 ang damo ay natutuyo, at ang bulaklak ay nalalanta; sapagka't ang hinga ng PANGINOON ay humihihip doon: tunay na ang bayan ay damo. 8 Ang damo ay natutuyo ang bulaklak ay nalalanta: ngunit ang salita ng ating Dios ay tatayo magpakailan man.

9 Oh ikaw na nagsasaysay ng mga mabuting balita sa Sion, sumampa ka sa mataas na bundok; Oh ikaw na nagsasaysay ng mga mabuting balita sa Jerusalem, itaas mo ang iyong voces na may kalakasan; itaas mo, huag kang matakot; sabihin mo sa mga ciudad ng Juda: ¡Narito, ang iyong Dios! 10 Narito, ang Panginoong Dios ay darating na parang makapangyarihan, at ang kaniyang kamay ay magpupuno para sa kaniya: narito, ang

kaniyang kagantihan ay nasa kaniya, at ang kaniyang ganti ay nasa harap niya. 11 Kaniyang pasasabsabin na parang pastor, ang kaniyang kawan, kaniyang pipisanin ang mga cordero sa kaniyang kamay at mga dadalhin sa kaniyang sinapupunan, at mga papatubayan na marahan yaong mga kapanganganak.

12 ¿Sino ang tumakal ng mga tubig sa palad ng kaniyang kamay, at sumukat sa langit ng dangkal, at nagsilid ng alabok ng lupa sa isang takal, at tumirbang ng mga bundok sa mga timbangan, at ng mga burol sa timbangan?

13 ¿Sinong pumatnubay ng espiritu ng PANGINOON, o saparaang kaniyang tagapayo ay nagturo sa kaniya? 14 ¿Kani-no siya kumuhang payo, at sinong nagsaysay sa kaniya, at nagturo sa kaniya sa landas ng kahalutalan, at nagturo sa kaniya ng kaalaman, at nagpakilala sa kaniya ng daan ng kaalaman? 15 Narito, ang mga nasyon ay parang isang tulo sa tuong, at nabilang na parang pinong alabok sa timbangan: narito, kaniyang itinataas ang mga pulo na parang napakaliit na bagay. 16 At ang Libano ay hindi sukat upang sunugin, o ang mga hayop noon ay sukat na pinakahandog na susunugin. 17 Lahat ng nasyon ay parang walang ano man sa harap niya; mga nabilang sa kaniya na kulang kay sa wala, at kawalang kabuluhan. 18 ¿Kani-no nga ninyo itutulad ang Dios? o ¿anong kawangisan ang iwawangis ninyo sa kaniya? 19 Ang larawang hinichurahan, na binubo ng mangbububo, at binalot ng ginto ng platero, at binubuan ng mga pilak na kuintas. 20 Siyang totoong dukha sa *gayong* alay ay pumipili ng isang puno ng kahoy na hindi inaany; siya'y humahanap para sa kaniya ng isang bihasang mangagawa upang maglagay ng larawang hinichurahan na hindi makikilos. 21 ¿Hindi ba ninyo nalalaman? ¿hindi ba ninyo marinig? ¿hindi ba nasaysay sa inyo mula ng una? ¿hindi ba nasaysay sa inyo bago nalagay ang mga cimientong ng lupa? 22 *Dios ang siyang* nakaupo sa bilog ng lupa, at ang mga manahan doon ay parang mga balang; siyang nag-unat ng mga langit na parang tabing, at mga iniuunat na parang dampa upang tahanan: 23 na nagpapaging wala sa mga pangulo; siyang gumagawa sa mga hukom sa lupa na parang kawalang kabuluhan. 24 Oo, sila'y hindi nangatanim; oo, sila'y

hindi nahasik; oo, ang kanilang puno ng kahoy ay hindi nag-ugat sa lupa: bukod dito'y humibhih siya sa kanila, at sila'y natutuyo, at tinatangay sila ng ipoipo na parang kadahunan. 25 ¶ Kaniyo nga ninyo itutulad ako, upang makaparis ako niya? sabi ng Sante. 26 Itaa ninyo ang inyong mga mata sa itaas, at tingnan ninyo kung sinong lumikha ng mga ito, na kinukuha ang kanilang hukbo ayon sa bilang: mga tinatawag niya ng pangalan; ng kalakhan ng kaniyang kapangyarihan, at dahil sa siya'y matibay sa kapangyarihan ay walang nagkukulang.

27 ¶ Bakit sinasabi mo, Oh Jakob, at sinasalita mo, Oh Israel: Ang daan ko ay kubli sa PANGINOON, at ang kahatulan ko ay lumalagpas sa aking Dios? 28 ¶ Hindi mo ba nalalaman? ¶ Hindi mo ba narinig? ang walang hangang Dios, ang PANGINOON, ang May-lalang ng mga wakas ng lupa, hindi nanlalata, o napapagod man; walang makatarok ng kaniyang kaalaman. 29 Siya'y nagbibigay ng lakas sa mahina; at ang walang kapangyarihan ay pinalalago niya sa kalakasan. 30 Pati ng mga kabataan ay manlalata at mapapagod, at ang mga binata ay lubos na mabubual: 31 nguni't silang naghihintay sa PANGINOON ay magbabago ang kanilang kalakasan; sila'y sasampung may mga pakpak na parang mga aguila; sila'y tatakbo at hindi mapapagod; sila'y lalakad at hindi manhibina.

41 Tumahimik kayo sa harap ko, Oh mga pulo; at magbago ang mga bayan ng kanilang kalakasan: lumapit sila; kung magkagayo'y magsalita sila: tayo'y lumapit na magkakasama sa kahatulan. 2 ¶ Sinong nagbangon ng isa na mula sa silanganan, na kaniyang tinawag sa kabanalan sa kaniyang paa? siya'y nagbigay ng mga nasyon sa harap niya, at pinagpuno niya sa mga hari; kaniyang mga ibinigay na parang alabok sa kaniyang tabak, na parang pinaspas na dayami sa kaniyang bosog. 3 Kaniyang mga hinahabol, at magpapatuloy na tiwasay sa daan na hindi niya dinaanan ng kaniyang mga paa. 4 ¶ Sinong gumawa, at yumari na tumawag ng mga lahi mula ng una? Akong PANGINOON ang una, at kasama ng huli, ako yaon. 5 Nakita ng mga pulo at natakot; ang mga wakas ng lupa ay nanginig: sila'y lumapit at naparoon. 6 Sila'y tumulong baw't isa sa kaniyang kapaa; at baw't isa'y nagsabi

sa kaniyang kapatid: Ikaw ay magpapatang. 7 Sa gayo'y pinatayang ng anloagi ang platero, at ng pumapatag ng pamukpok ang pumupukpok ng palihan, na sinasabi sa biyang: Mabuti: at kaniyang pinagbubuti ng mga pako, upang huag makilos.

8 Nguni't ikaw, Israel, alipin ko, Jakob na siyang aking pinili, na binhi ni Abraham na aking kaibigan; 9 ikaw na aking hinawakan mula sa mga wakas ng lupa, at tinawag kita mula sa mga sulok niya, at pinagsabihan kitang: Ikaw ay aking alipin, aking pinili kita at hindi kita itinakuil; 10 huag kang matakot, sapagka't ako'y sumasaiyo; huag kang manlupaypay, sapagka't ako'y iyong Dios: aking palalakasin kita; oo, aking tutulungan kita; oo, aking aalalayan kita ng kanang kamay ng aking kabanalan. 11 Narito, silang lahat na nagagalit sa iyo ay mapapahiya at malilito: silang nakikipag-alit sa iyo ay magiging parang wala, at mamamatay. 12 Iyong hahanapin sila, at hindi mo mgasusumpungan, sa makatuid baga'y silang nakikipagkaalit sa iyo: silang bumabaka laban sa iyo ay magiging parang wala, at parang bagay ng wala. 13 Sapagka't akong PANGINOON iyong Dios ay hahawak ng iyong kanang kamay, na magsasabi sa iyong: Huag kang matakot; aking tutulungan kita. 14 Huag kang matakot ikaw na uod na Jakob, at kayong mga tawo ng Israel; aking tutulungan kita, sabi ng PANGINOON, at ang iyong manunubos ay ang Santo ng Israel. 15 Narito, aking gagawin kitang bagong hasa na kasangkapang pangiik na may mga ngipin: iyong gigiikin ang mga bundok, at mga didikdiking pino, at iyong gagawin ang mga burol na parang damo. 16 Iyong mga pahahanginan, at mga dadalhin ng hangin, at mga pangangalatin ng ipoipo: at ikaw ay magagalak sa PANGINOON, ikaw ay lualualhati sa Santo ng Israel. 17 Ang dukha at mapagkailangan ay humahanap ng tubig at wala, at ang kanilang dila ay natutuyo dahil sa uhaw; akong PANGINOON ay sasagot sa kanila, akong Dios ng Israel ay hindi magpapabaya sa kanila. 18 Ako'y magbubukas ng mga ilog sa mga hubad na kaitaasan, at mga bukal sa gitna ng mga libis: aking gagawin ang ilang na lawa ng tubig, at ang tuyong lupain ay mga bukal ng tubig. 19 Aking itatanim sa ilang ang cedro, ang puno ng acacia, at

ang arrayan, at ang oleastro; aking ilalagay sa ilang ang puno ng abeto, at ang olmo, at ang boj na magkakasama: **20** upang sila'y makakita at makaalam, at makagunita, at makatalos na magkakasama, na ginawa ito ng kamay ng **PANGINOON**, at nilikha ng Santo ng Israel.

**21** Magharap kayo ng inyong usap, sabi ng **PANGINOON**; inyong ilabas ang inyong mga matibay na katuiran, sabi ng Hari ng Jakob. **22** Mga ilabas nila, at saysayin sa amin kung anong mangyayari: ihayag ninyo ang mga dating bagay, maging ano man sila, upang aming mabatid at malaman ang huling wakas nila; o pagpakitaan ninyo kami ng mga bagay na darating. **23** Inyong ihayag ang mga bagay na darating pagkatapos upang aming malaman na kayo'y mga dios: oo, kayo'y gumawa ng mabuti, o gumawa ng kasam-an, upang kami ay mawalan ng diwa, at mamasdan naming magkakasama. **24** Narito, kayo'y sa walang bagay, at ang inyong gawa ay sa wala: kasuklam-suklam siya na pumipili sa inyo.

**25** Aking ibinangon ang isa mula sa hilagaan, at siya'y dumarating; mula sa sikatan ng araw ang isa na tumatawag sa aking pangalan: at siya'y paroroon sa mga puno na parang sa putik, at parang magpapaliok na yumuyurak ng putik. **26** Sinong nagsaysay mula ng pasimula upang aming malaman? (at ng una, upang aming masabing: *Siya'y banal?* oo, walang maghayag, oo, walang magpakita, oo, walang duming ng inyong mga salita. **27** Ako'y unang magsasabi sa Sion: Narito, narito sila; at ako'y magbibigay sa Jerusalem ng isa, na nagdadala ng mga mabuting balita. **28** At pagka ako'y tumitingin, walang lalaki; sa gitna nila ay walang taga-payo, na, pagka ako'y tumatanong sa kanila, walang makasagot ng isang salita. **29** Narito, silang lahat, ang kanilang mga gawa ay kawalang kabuluhan at wala: ang kanilang mga larawang binubo ay hangin at kalituhan.

**42** Narito, ang aking alipin, na aking inaalalayan; ang aking pili, na kinaaalihan ng aking kalulua: inilagay ko ang aking espirito sa kaniya; siya'y maglalabas ng kahalutalan sa mga nacion. **2** Siya'y hindi hihiyaw, o maglalakas man ng *voices*, o ipaririinig man ang kaniyang *voices* sa lungsangan. **3** Ang lapok na tambo ay hindi niya babaliin, at ang mitsang umuusok ay hindi niya papa-

tayin: siya'y maglalabas ng kahalutalan sa katotohanan. **4** Siya'y hindi manlulu-paypay o maduduag man, hangang sa maipatag niya ang kahalutalan sa lupa; at ang mga pulo ay maghihintay para sa kaniyang kautusan. **5** Ganito ang sabi ng Dios na **PANGINOON**, na lumikha ng mga langit, at nag-uat ng mga yaon; siyang naglatag ng lupa at ng lumalabas doon; siyang nagbibigay ng hinga sa bayan noon, at ng espiritu sa kanila na lumalakad doon: **6** akong **PANGINOON** ay tumawag sa iyo sa kabanalan, at hahawak ng iyong kamay, at mag-iingat sa iyo, at ibibigay kita na pinakatipan sa bayan, na pinakaliwanag sa mga nacion; **7** upang magdilat ng mga bulag na mata, upang maglabas ng mga bihag sa bilangguan, at ng kanilang nauupo sa kadiliman mula sa bilibid. **8** Ako ang **PANGINOON**; na siyang aking pangalan: at ang aking kalualhatian ay hindi ko ibibigay sa iba, o ang aking mang kapurihan sa mga larawang hinichurahan. **9** Narito, ang mga dating bagay ay nangyayari, at ang mga bagong bagay ay inihahayag ko: bago mgalitaw ay mga sinasaysay ko sa iyo.

**10** Kayo'y umawit sa **PANGINOON** ng bagong awit, at ng kapurihan niya na mula sa wakas ng lupa; kayong bumababa sa dagat, at lahat na nandoon, ang mga pulo, at ang mga mananahan noon. **11** Magtaas ng kanilang *voices* ang ilang at ang mga ciudad noon, ang mga bayon na tinatahanan ng Kedar: umawit ang mga mananahan sa Sela, magsisutsot sila mula sa mga taluktok ng mga bundok. **12** Magbigay lualhati sila sa **PANGINOON**, at magbayag ng kaniyang kapurihan sa mga pulo. **13** Ang **PANGINOON** ay lalabas na parang makapangyarihang lalaki, siya'y hihikayat ng sikap na parang lalaking pangbaka: siya'y hihiyaw, oo, siya'y susutsot ng malakas; siya'y gagawang makapangyarihan laban sa kaniyang mga kaaway. **14** Ako'y tuma-himik ng malaon; ako'y hindi kumibo, at nagpigil ako: *ngayo'y* hihiyaw akong parang nagdaramdam na babaye; ako'y gigiba at sasakmal na paminsan. **15** Aking gagawing giba ang mga bundok at mga burol, at tutuyuin ko ang lahat nilang mga pananim; at gagawin ko ang mga ilog na mga pulo, at aking tutuyuin ang mga lawa. **16** At aking dadalhin ang bulag sa daan na hindi nila nalalaman; sa mga landas na hindi nila nalala-

man ay mga papatnubayan ko: aking gagawing kadiliman ang liwanag sa harap nila, at mga likong daan ang matuid. Ang mga bagay na ito ay aking gagawin, at hindi ko mga kalilimutan. **17** Sila'y mababalik, sila'y mapapahiyang mainam, na umaasa sa mga larawang hinichurahan, na nagsasabi sa mga larawang binubo: Kayo'y aming mga dios.

**18** Dingin ninyo, ninyong mga bingi; at masdan ninyo, ninyong mga bulag, upang kayo'y makakita. **19** ¿Sino ang bulag, kungdi ang aking alipin? o ¿ang bingi, na gaya ng aking sugo na aking sinusugo? ¿sino ang bulag na gaya niya na nasa kapayapaan sa akin, at bulag na gaya ng alipin ng PANGINOON?

**20** Ikaw ay nakakakita ng maraming bagay, ngunit hindi mo binubalay; ang kaniyang mga tainga ay bukas, ngunit hindi niya dinidinig. **21** Kinalulugdan ng PANGINOON dahil sa kaniyang kabanalan, na dakilain ang kautusan, at gawing maraᅇgal. **22** Ngunit ito ay isang bayang nanakaw at nasamsam; silang lahat ay nasilo sa mga hukay, at sila'y nakubli sa mga bilibid: sila'y pinakahuli at walang magligtas; pinakasamsam, at walang magsabing: Iyong isauli. **23** ¿Sino sa gitna ninyo ang makikinig nito? ¿na makikinig at didinig para sa panahong darating? **24** ¿Sino ang nagbigay sa Jakob na pinakasamsam at sa Israel sa mga magnanakaw ¿di ba ang PANGINOON? na laban sa kaniya ay nagkasala tayo, at sa mga daan niya ay hindi sila lumakad, o naging masunurin man sila sa kaniyang kautusan. **25** Kaya't ibinuhos niya sa kaniya ang pag-iinit ng kaniyang galit, at ang lakas ng pakikipagbaka; at inilagay siya sa apoy sa palibot; gayon ma'y hindi niya nalaman; at sinunog siya, gayon ma'y hindi siya naglagak ng puso.

**26** Ngunit n'gayo'y ganito ang sabi ng PANGINOON na lumalang sa iyo, Oh Jakob, at humichura sa iyo, Oh Israel: Ikaw ay huag matakot, sapagka't tinubos kita; tinawag kita sa iyong pangalan, ikaw ay akin. **2** Pagka ikaw ay dumaraan sa mga tubig, ako'y sasaiyo; at sa mga ilog ay hindi ka aabutan nila: pagka ikaw ay lumalakad sa apoy, hindi ka masunog; o magniningas man ang alab sa iyo. **3** Sapagka't ako ang PANGINOONG iyong Dios, ang Santo ng Israel, ang iyong tagapagligtas; aking ibinigay ang Egipto na parang iyong tu-

bos, ang Etiopia at ang Seba sa lugar mo.

**4** Mula ng ikaw ay maging mahalaga sa aking paningin at kagalanggalang, at aking sininta kita; kaya't ibibigay ko ang mga tawo sa lugar mo, at ang mga bayan sa lugar ng iyong buhay. **5** Huag kang matakot, sapagka't ako'y sumasaiyo: aking dadalhin ang iyong binhi mula sa silanganan, at pipisanin kita mula sa kalunuran; **6** aking sasabihin sa hilagaang: Bayaan mo, at sa timugang: Huag mong pigilin; dalhin ninyo *rito* ang aking mga anak na lalaki na mula sa malayo, at ang aking mga anak na babaye na mula sa wakas ng lupa; **7** hawa't tinatawag sa aking pangalan, at aking pilikha para sa aking kalualhatian; aking hinichurahan siya; oo, aking nilalang siya. **8** Iyong ilabas ang bulag na bayan na may mga mata, at ang bingi na may mga tainga. **9** Mapisan ang lahat na nasyon, at magpulong ang mga bayan: ¿sino sa gitna nila ang makapagbahayag nito at makapagpapakita sa amin ng mga dating bagay? dalhin nila ang kanilang mga saksi, upang sila'y mapatotohanan: o dingin nila, at magsabing: Katotohanan nga. **10** Kayo'y aking mga saksi, sabi ng PANGINOON, at aking alipin na aking pinili: upang inyong malaman at sumampalataya kayo sa akin, at inyong matalastas na ako siya; walang Dios na hinichurahan na nauna sa akin, o magkakaroon man pagkatapos ko. **11** Ako, ako ang PANGINOON; at liban sa akin ay walang manligtas. **12** Ako'y nagbayag, at ako'y nagligtas, at ako'y nagpakilala, at walang ibang *dios* sa gitna ninyo: kaya't kayo ang aking mga saksi, sabi ng PANGINOON, at ako ang Dios. **13** Oo, mula ng magkaroon ng araw ay ako nga; at walang makapagligtas sa aking kamay ako'y gagawa, ¿at sinong pipigil?

**14** Ganito ang sabi ng PANGINOON, na inyong manunubos, na Santo ng Israel: Dahil sa inyo ay nagsugo ako sa Babilonia, at aking ibababa silang lahat na parang mga gala, ang mga Kaldeo, sa mga sasakyang-dagat ng kaniyang kagalakan. **15** Ako ang PANGINOON, na inyong Santo, na May-lalang ng Israel, na inyong Hari. **16** Ganito ang sabi ng PANGINOON, na gumagawa ng daan sa dagat, at ng landas sa mga makapangyarihang tubig; **17** na pinalabas ang karro at kabayo, ang kawal at ang kapangyarihan; sila'y nabubul na magkakasama, sila'y hindi babangon; sila'y namatay na parang mitsa: **18** huag

ninyong alalahanin ang mga dating bagay, o bulayin man ang mga bagay ng una.

**19** Narito, ako'y gagawa ng hagong bagay; ngayo'y lalabas; ¿hindi ba ninyo malalaman? gagawa din ako ng daan sa liang, at mga ilog sa ilang. **20** Pararangalin ako ng mga hayop sa parang, ng mga chakal at ng mga avestruz: sapagka't ako'y nagbibigay ng tubig sa ilang, at ng mga ilog sa ilang, upang painomin ang aking bayan, na aking pili: **21** ang bayan, na aking hinichurahan ay sa ganang aking sarili, upang kanilang maihayag ang aking kapurihan. **22** Gayon ma'y hindi ka tumawag sa akin, Oh Jakob; kungdi ikaw ay napagod sa akin, Oh Israel. **23** Hindi mo dinala sa akin ang munting hayop na iyong mga handog na susunugin; o pinarangalan mo man ako ng iyong mga hayin. Hindi kita pinapaglinkod ng mga handog, o pinagod man kita ng pangsuob. **24** Hindi mo ako ibinili ng mabangong kahoy sa halaga ng salapi, o binusog mo man ako ng taba ng iyong mga hayin: kungdi pinapaglinkod mo ng iyong mga kasalanan, iyong pinagod ako ng iyong mga kasam-an. **25** Ako, ako ay siyang pumapawi ng iyong mga pagsalangang dahil sa aking sarili; at hindi ko aalalahanin ang iyong mga kasalanan. **26** Ipaalaala mo ako; tayo'y nuagsangalangan na magkasama: ilabas mo ang iyong usap, upang ikaw ay mapatotohanan. **27** Ang iyong uang ama ay nagkasala, at ang iyong mga tagapagpaminaw ay sumalangsang laban sa akin. **28** Kaya't aking dudumhan ang mga pangulo ng santuario, at gagawin ko ang Jakob na sumpa, at ang Israel ay isang kadustaan.

**44** Gayon ma'y dingin mo ngayon, Oh Jakob na aking alipin; at Israel, na siyang aking pinili: **2** ganito ang sabi ng PANGINOON na lumalang sa iyo, at nagbigay hichura sa iyo mula sa bahay-bata, na siyang tutulong sa iyo: Ikaw ay huag matakot; Oh Jakob na aking alipin; at ikaw, Jesurun, na siyang aking pinili. **3** Sapagka't ako'y magbubuhos ng tubig sa kaniya na uhaw, at mga agos sa tuyong lupa: aking ibubuhos ang aking espiritu sa iyong binhi, at ang aking pagpapala sa iyong lahi: **4** at mga sisibol sa gitna ng damo, gaya ng mga tambo sa tabi ng mga batis. **5** Sasabihin ng isang: Ako'y sa PANGINOON; at tatawagin ng iba sa pangalan ng Jakob; at magsusulat ang iba ng kaniyang kamay ng: Sa PANGI-

NOON, at magpapamagat ng pangalan ng Israel.

**6** Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Hari ng Israel, at ng kaniyang manunubos, na PANGINOON ng mga hukbo: ako ang una, at ako ang huli; at liban sa akin ay walang Dios. **7** ¿At sino, ang gaya ko, tatawag, at magpapahayag, at mag-aayos para sa akin, mula ng aking itatag ang matandang bayan? at ang mga bagay na dumarating, at ang mang-yayari, ihayag nila. **8** Kayo'y huag matakot, o mangilabot man: ¿hindi ko ba inihayag sa iyo ng una, at ipinakilala? at kayo ang aking mga saksi. ¿May Dios ba liban sa akin? oo, walang Bato; ako'y walang nakikilalang sino man. **9** Silang nagbibigay hichura ng larawang hinichurahan ay kawalang kabuluhan silang lahat; at ang kanilang mahalagang mga bagay ay hindi mapapakinabangan: at ang kanilang sariling mga saksi ay hindi nakakakita, o nakakaalam man; upang sila'y mapahiya. **10** ¿Sino ang nagbigay hichura sa isang dios, o bumubo ng larawang hinichurahan na walang kabuluhan sa ano man? **11** Narito, lahat niyang kasama ay mapapahiya; at ang mga mangagawa ay sa mga tawo: mapisan sila, magsitayo sila; sila'y matatakot, sila'y malihiyang magkasama. **12** Ang mangagawa sa bakal ay gumagawa ng palakol, at gumagawa sa mga baga, at bimibigyang hichura yaon sa pamamagitan ng mga pamukpok, at ginagawa ng kaniyang malakas na kamay: oo, siya'y gutom, at ang kaniyang lakas ay nanlulupaypay; siya'y hindi umiinom ng tubig at nanhihina. **13** Nag-uunat ang anloagi ng isang pisi; kaniyang tinatandaan ng lapis; kaniyang hinichurahan ng mga katam, at kaniyang tinatandaan ng mga kompas, at hinichurahan ng ayon sa hichura ng lalaki, ayon sa kagandahan ng tawo, upang tumahan sa bahay. **14** Pumuputol siya para sa kaniya ng mga cedro, at kumukuha ng puno ng roble, at ng encina, at pinatitibay para sa kaniyang sarili ang isa sa gitna ng mga punong kahoy sa gubat: siya'y nagtanim ng puno ng haya, at kinakandili ng ulan. **15** Kung magkagayo'y magiging sa tawo upang sunugin; at kumukuha siya niaon at nagpapainit; oo, kaniyang pinaliliban, at ipinagluluto ng tinapay: oo, kaniyang ginagawang isang dios, at sinasamba; ginagawa niyang larawang hinichurahan, at pinagpapatirapaan. **16** Kaniyang sinu-

sunog ang bahagi noon sa apoy; ang bahagi noon ay ikinakain niya ng laman; siya'y nag-ihaw ng inihaw, at nabusog: oo, siya'y nagpapainit, at nagsasabing: Aha, ako'y mainit, aking nakita ang apoy: **17** at ang labis noon ay ginagawa niyang dios, ang kaniyang larawang luniehurahan: kaniyang pinagpapatirapan at sinasamba, at dinadalaningan, at nagsasabing: Iligtas mo ako; sapagka't ikaw ay aking dios. **18** Hindi sila nakakaalam, o gumugunita man: sapagka't ipinikit niya ang kanilang mga mata, na ano pa't sila'y huag makakita; at ang kanilang mga puso, na ano pa't huag silang makatalastas. **19** At walang sumasangunì sa pag-iisip, o mairoon mang kaalaman o pagkakalala, upang magsabing: Aking sinunog ang bahagi noon sa apoy; oo, ako naman ay nagluto ng tinapay sa mga baga noon; ako'y nag-ihaw ng laman at kinain ko: ; at gagawin ko ba ang labis noon na pinaka kasuklamsuklam? ; magpapatirapa ba ako sa puno ng isang puno ng kahoy? **20** Siya'y kumakain ng abo: isang magdarayang puso ay nagliligaw sa kaniya, na hindi niya mailigtas ang kaniyang kalulua, o makapagsabi: ; Wala bang kabulaan sa aking kanang kamay?

**21** Iyong alalahanin ang mga bagay na ito, Oh Jakob; at Israel, sapagka't ikaw ay aking alipin: aking binigyang hichura kita; ikaw ay aking alipin: Oh Israel, ikaw ay hindi malilimutan ko. **22** Aking pinawi na parang masinsing alapaap ang iyong mga pagsalangsang, at, parang alapaap, ang iyong mga kasalanan: magbalik ka sa akin; sapagka't aking tinubos kita. **23** Kayo'y umawit, kayong mga langit, sapagka't yao'y nilikha ng PANGINOON; kayo'y sumutsot mga lalorg mababang bahagi ng lupa; kayo'y magbiglang umawit, kayong mga bundok, Oh gubat, at lahat ng punong kahoy na nandoon: sapagka't tinubos ng PANGINOON ang Jakob, at magpapakalualhati sa Israel.

**24** Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng iyong manunubos, at niyang nagbigay hichura sa iyo mula sa bahay-bata: ako ang PANGINOON na lumilikha ng lahat na bagay; na nag-uunat ng mga langit na mag-isa; na naglaladlad ng lupa; ; sino ang sa ganang akin? **25** na sumasayang ng mga tanda ng mga sinungaling, at nagpapaging ulol sa mga manghuhula, na nagpapaurong sa mga pantas, at nagpapa-

ging kamangmangan ng kanilang kaalaman: **26** na nagpapatatag ng salita ng kaniyang alipin, at gumaganap ng payo ng kaniyang mga sugo; na nagsasabi ng tungkol sa Jerusalem: Siya'y tatahanan; at tungkol sa mga ciudad ng Juda: Mga tatayo, at aking ibabangon ang mga gibang lugar noon: **27** na nagsasabi sa kalaliman; Ikaw ay matuyo, at aking tutuyuin ang iyong mga ilog: **28** na nagsasabi tungkol sa Ciro: Siya'y aking pastor, at tutuparin ang lahat kong kaligayahan: na nagsasabi rin ng sa Jerusalem: Siya'y matatayo; at sa templo: Ang iyong cimiento ay malalagay.

**45** Ganito ang sabi ng PANGINOON sa kaniyang pinahiran, kay Ciro, na ang kanang kamay ay aking hinawakan, upang magpasuko ng mga nasyon sa harap niya, at aking kakalagan ang mga bala-kang ng mga hari; upang magbukas ng mga pintuan sa unahan niya, at ang mga pintuang-daan ay hindi masasarhan; **2** ako'y magpapauna sa iyo, at papatagin ko ang mga bakobakong lugar: aking mga pagpipirapirasuhin ang mga pintuang tanso, at aking puputuin ang mga halang na bakal: **3** at ibibigay ko sa iyo ang mga kayamanan nakukubli, at ang mga lihim na kayamanan sa mga tagong lugar, upang iyong maalaman na ako ang PANGINOON na tumatawag sa iyo sa iyong pangalan, ang Dios ng Israel. **4** Dahil kay Jakob na aking alipin, at kay Israel na aking pili, tinawag kita sa iyong pangalan: aking pinamagatan kita, baga man hindi mo nakilala ako. **5** Ako ang PANGINOON, at wala ng iba; liban sa akin ay walang Dios: aking bibigkisan kita: baga man hindi mo ako nakilala: **6** upang kanilang malaman mula sa pagsikat ng araw, at mula sa kalunuran, na walang iba liban sa akin: ako ang PANGINOON, at walang iba. **7** Aking inilalagay ang liwanag at nililikha ko ang kadiliman; ako'y gumagawa ng kapayapaan at lumilikha ako ng kasaman; ako ang PANGINOON, na lumilikha ng lahat na bagay na ito.

**8** Kayo'y tanulo, kayong mga langit mula sa itaas, at umulan ang alapaap ng kabanalan: bumuka ang lupa, upang maglabas sila ng kaligtasan, at lumabas ang kabanalan na kasama noon; akong PANGINOON ang lumikha.

**9** ; Sa aba niya, na nakikipagtalò sa May-lalang sa kaniya! ; isang bibingà sa gitua ng mga bibingà sa lupa! ; Mag-



sasabi ba ang putik sa nagbibigay hichura sa kaniya: Anong ginagawa mo? 10 ang iyong guwa: Siya'y walang mga kamay?

10 Sa aba niya na nagsasabi sa ama! Ano ang naging anak mo? o sa babaye: Ano ang ipinagdadamdang mo?

11 Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Santo ng Israel, at ng May-lalang sa kaniya: Magtanong ka sa akin tungkol sa mga bagay na darating; tungkol sa aking mga anak, at tungkol sa gawa ng aking mga kamay, mag-utos kayo sa akin.

12 Aking nilikha ang lupa, at nilalang ko ang tawo doon: ako, sa makatuid baga'y ang aking mga kamay, nag-unat ng mga langit, at sa lahat nilang hukbo ay nag-utos ako. 13 Aking ibinangon siya sa kabanalan, at aking tutuorin ang lahat niyang lakad: kaniyang itatayo ang aking ciudad, at kaniyang palalayain ang aking mga tapon, hindi sa halaga o sa kagantihan man, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo.

14 Ganito ang sabi ng PANGINOON: Ang gawa sa Egipto, at ang kalakal sa Etiopia, at ang mga Sabeo, na mga lalaking mataas, paroroon sa iyo, at sila'y magiging iyo; sila'y susunod sa iyo; sila'y daraang may tanikal: at sila'y magpapatirapa sa iyo, sila'y mamamihik sa iyo, na magsasabing: Tunay na ang Dios ay nasa iyo; at walang iba, walang Dios. 15 Katotohanang ikaw ay Dios na nagkukubli, Oh Dios ng Israel, na Tagapagligtas. 16 Sila'y mapapahiya, oo, malilito, silang lahat: sila'y papasok sa pagkalito na magkakasama na mga mangagawa ng mga idolo. 17 Ngunit ang Israel ay ililigtas ng PANGINOON ng walang hangang kaligtasan: kayo'y hindi mapapahiya o malilito man magpakailan man.

18 Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON na lumikha ng mga langit: siya'y Dios; na nagbigay hichura sa lupa at lumikha noon, kaniyang itinatag, hindi niya nilikha na sira, kaniyang binigyang hichura upang tahanan: ako ang PANGINOON; at wala ng iba. 19 Ako'y hindi nagsalita ng lihim, sa lugar ng lupain ng kadiliman; hindi ako nagsabi sa binhi ni Jakob: Ihanapin ninyo ako ng walang kabuluhan: akong PANGINOON ay nagsasalita ng kabanalan, ako'y naghahayag ng mga bagay na matuid. 20 Kayo'y magpipisan at pumarito; lumapit kayong magkakasama, kayong mga nakataanan sa mga bacion: sila'y walang

kaalaman na nagdadala ng kahoy ng kaniyang larawang hinichuran, at dumadalangin sa dios na hindi makapagligtas.

21 Kayo'y maghayag, at magsaysay; oo, magsangunian silang magkakasama: sino-nong nagpakilala nito mula ng mga unang panahon? sino-nong nagsaysay ng una? hindi ba akong PANGINOON? at walang Dios liban sa akin; banal na Dios at tagapagligtas; walang iba liban sa akin.

22 Kayo'y tumingin sa akin, at kayo'y maligtas, lahat na wakas ng lupa: sapagka't ako'y Dios, at walang iba liban sa akin.

23 Ako'y sumumpa ng aking sarili, ang salita ay nakabitaw sa aking bibig sa kabanalan, at hindi magbabalik, na sa akin ay lolohod ang baw't tuhod, baw't dila ay susumpa.

24 Sa PANGINOON lamang, magsasabi ang isa sa akin, ay kabanalan at kalakasan: sa kaniya paroroon ang mga tawo, at ang lahat na nag-iimit laban sa kaniya ay mapapahiya.

25 Sa PANGINOON ay mapatotohanan ang boong binhi ng Israel, at lualuhati.

46 Ang Bel ay nagpapatirapa, ang Nebo ay yumuyukod; ang kaniyang mga idolo ay nasa ibabaw ng mga hayop at sa ibabaw ng baka: ang mga bagay na inyong dinala ay nataas, pasan sa pagod na hayop.

2 Sila'y yumuyuko, sila'y nagpapatirapang magkakasama; hindi nila maiwasan ang pasan, kungdi sila'y napapasok sa pagkabihas.

3 Inyong dingin ako, Oh bahay ng Jakob, at lahat na nalabi sa bahay ng Israel, na nakalong ko mula sa tiyan, na nadala mula sa bahay-bata;

4 at pati ng inyong katandaan ay ako nga, at pati ng mga uban ay dadalhin ko sa inyo: aking nilalang, at aking dadalhin; oo,

aking dadalhin, at aking ililigtas. 5 Kanino ninyo ako itutulad, at ipaparis, at iwangis ako, upang kami ay magkaparejo?

6 Gayon ang dumudukot ng maraming ginto sa supot, at tumitimbang ng pilak sa timbangan, sila'y umuupa ng platero, at kaniyang ginagawang dios; sila'y nagpapatirapa, oo, sila'y sumasamba.

7 Pinapasan nila siya sa balikat, dinadala nila siya, at inilalagay siya sa kaniyang lugar, at siya'y tumatayo; mula sa kaniyang lugar ay hindi siya makikilos: oo,

isa'y dadaing sa kaniya, gayon ma'y hindi siya sasagot, o magligtas man siya sa kaniya sa kaniyang kabagabagan.

8 Inyong alalahanin ito, at magpakilala kayong mga tawo: isaisip ninyo uli, Oh ninyong mga mananalangang.

9 Inyong

alalahanin ang mga dating bagay ng una: sapagka't ako'y Dios, at walang ibaliban sa akin, ako'y Dios, at walang gaya ko; **10** na naglahayag ng wakas mula sa pasimula, at mula ng mga unang panahon, ng mga bagay na hindi pa yari; na sinasabing: Ang payo ko ay tatayo, at gagawin ko ang aking boong kaligayahan: **11** na tumatawag ako ng ibong mandadagat mula sa silanganan, ng tawo sa aking payo mula sa malayong lupain; oo, aking sinalita, akin namang papangyayarihin; aking ipinasiya, akin namang gagawin. **12** Inyong dingin ako, ninyong may matigas na puso, na malayo sa kabanalan: **13** aking inilalapat ang aking kabanalan, hindi malalayo, at ang aking pagliligtas ay hindi magluluat; at aking ilalagay ang kaligtasan sa Sion para sa Israel na aking kalualhatian.

**47** Ikaw ay bumaba, at umupo sa alabok, Oh anak na dalaga ng Babilonia; umupo ka sa lupa na walang luklukan, Oh anak na babaye ng mga Kaldeo: sapagka't hindi ka na tatawaging pang sariwa at mahinhin. **2** Ikaw ay kumuba ng gilingang mga bato, at gumuling ka ng harina: mag-alis ka ng iyong lambong, maghubad ka ng balabal, maglitaw ka ng hita, tumawid-ka sa mga ilog. **3** Ang iyong kahubaran ay malilitaw, oo, ang iyong kahihayan ay makikita: ako'y gagamit ng panhihiganti, at hindi tatanggap ng tawo. **4** Ang aming manunubos, ang PANGINOON ng mga hukbo ay siyang pangalan niya, ang Santo ng Israel. **5** Umupo kang tahimik, at masok ka sa kadiliman, Oh anak na babaye ng mga Kaldeo: sapagka't hindi ka na tatawaging: Ang panginoong babaye ng mga kabarian. **6** Ako'y naginit sa aking bayan, aking dinumban ang aking mana, at mga ibinigay ko sa iyong kamay: hindi mo pinagpakitaan sila ng kaawaan; sa may katandaan ay pinabigat mong mainam ang iyong pamatok. **7** At iyong sinabing: Ako'y magiging panginoong babaye magpakailan man: na ano pa't hindi mo inilagay ang mga bagay na ito sa iyong puso, o inalala mo man ang huling wakas noon.

**8** Ngayon nga'y dingin mo ito, ikaw na bigay sa mga kalayawan, na tumatahang walang bahala, na nagsasabi sa iyong puso: Ako nga, at walang iba liban sa akin; hindi ako upong parang babayeng bao, o makakaalam man ng pagkawala ng mga anak: **9** nguni't ang dala-

wang bagay na ito ay darating sa iyo sa isang sandali, sa isang araw, ang pagkawala ng mga anak at pagkabao: sa kanilang tapat na sukot ay darating sa iyo, bago man sa karamihan ng iyong mangagaway, at sa totoong kasagamaan ng iyong mga enkanto. **10** Sapagka't ikaw ay umasa sa iyong kasaman; iyong sinabing: Walang nakakakita sa akin; ang iyong karunungan at ang iyong kaalaman, nagpapaligaw sa iyo: at iyong sinabi sa iyong puso: Ako nga, at walang ibaliban sa akin. **11** Kaya't kasaman ay darating sa iyo; hindi mo malalaman ang bukung liwayway noon: at kapaanawan ay sasapit sa iyo; hindi mo maalis: at kagibaan ay darating sa iyong bigla, na hindi mo nalalaman. **12** Tumayo ka ngayon sa iyong mga encanto, at sa karamihan ng iyong pangagaway, na iyong ginawa mula sa iyong kabataan: marahil makikinabang ka, marahil mananaig ka. **13** Ikaw ay pagod sa karamihan ng iyong mga akala: tumayo ngayon ang mga nanghuhula sa pamamagitan ng langit, at ng mga bituin, ang mga mangingilala ng tungkol sa buan, at magligtas sa iyo sa mga bagay na darating sa iyo. **14** Narito, sila'y magiging parang tambo; susunugin sila ng apoy; sila'y hindi makaliligtas sa kapangyarihan ng liab: hindi babaga, o magluluat man sa apoy. **15** Ganito mangyayari ang mga bagay sa iyo, na iyong iginawa: silang nangalakul sa iyo mula sa iyong kabinataan ay gagala baw't isa ng kaniyang sariling lakad; walang magliligtas sa iyo.

**48** Inyong dingin ito, Oh bahay ng Jakob, na tinatawag sa pangalan ng Israel, at lumabas sa mga tubig ng Juda; na sumumpa sa pangalan ng PANGINOON, at bumangit ng Dios ng Israel, nguni't hindi sa katotohanan, o sa kabanalan man. **2** Sapagka't sila'y tinatawag sa santong ciudad, at sumasandal sa Dios ng Israel; ang PANGINOON ng mga hukbo ang kaniyang pangalan. **3** Aking inihayag ang mga dating bagay mula ng una; oo, mga lumabas sa aking bibig, at aking mga ipinakilala: biglang mga ginawa ko, at mga nangyari. **4** Sapagka't kilala ko, na ikaw ay matigas, at ang iyong leeg ay litid na bakal, at ang iyong noo ay tanso; **5** kaya't aking inihayag sa iyo mula ng una; bago nangyari ay ipinakilala ko sa iyo: baka iyong sabihing: Mga ginawa ng aking idolo, at ang aking larawang hinichurahan, at ang aking larawang

binubo, nag-utos sa kanila. **6** Iyong narinig; naritong lahat ito; at kayo, ¿hindi ba ninyo ihahayag? Ako'y nagpakita sa iyo ng mga bagong bagay mula sa panahong ito, mga kubling bagay na hindi mo nalaman. **7** Mga nalikha ngayon, at hindi mula ng una; at bago dumating ang araw na ito ay hindi mo mga narinig; baka iyong sabihing: Narito, aking mga nalaman. **8** Oo, hindi mo narinig; oo, hindi mo nalaman; oo, mula ng una ay hindi nabuksan ang iyong pakinig: sapagka't talastas ko na ikaw ay gumawa na totoong may karayaan, at tinawag na mananalangsang mula sa bahay-bata. **9** Dahil sa aking pangalan ay aking iurong ang aking galit, at dahil sa kapurihan ko ay aking ititigil, upang huag kitang ihilalay. **10** Narito, aking dinailisay kita, nguni't hindi parang pilak; aking pinili kita sa hurno ng kapighatian. **11** Dahil sa aking sariling bagay, dahil sa aking sariling bagay, aking gagawin; sapagka't, ¿bakit madudumhan ang aking pangalan? at ang kalualhatian ko ay hindi ko ibibigay sa iba.

**12** Inyong dingin ako, Oh Jakob, at Israel na tinawag ko: Ako'y siya; ako ang una, ako rin ang huli. **13** Oo, ang aking kamay ay siyang naglagay ng cimiento ng lupa, at ang aking kanan ay siyang nag-unat ng mga langit: pagka ako'y tumatawag sa kanila, sila'y tumatawag magkakasama. **14** Kayo'y magpipisan, kayong lahat, at inyong dingin; ¿sino sa kanila ang naghayag ng mga bagay na ito? Minahal siya ng PANGINOON: kaniyang tutuparin ang kaniyang kaligayahan sa Babilonia, at ang kaniyang kamay ay malalagay sa mga Kaldeo. **15** Ako, ako'y nagsalita; oo, aking tinawag siya; aking dinala siya, at kaniyang pagiginhawihin ang kaniyang lakad. **16** Kayo'y lumapit sa akin, inyong dingin ito; mula sa pasimula ay hindi ako nagsalita ng lihim; mula ng panahon na nangyari ito, nandoon nga ako: at ngayo'y sinugo ako ng Panginoong DIOS, at ng kaniyang espiritu. **17** Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng iyong manunubos, ng Santo ng Israel: Ako ang PANGINOONG iyong DIOS, na nagtuturo sa iyo ng mapapakinabangan, na pumapatnubay sa iyo sa daan na iyong marapat na lakaran. **18** Oh kung dininig mo ang aking mga utos! ang iyo ngang kapayapaan ay naging parang ilog, at ang iyong kabanalan ay parang mga alon sa dagat: **19** ang iyo namang binhi

ay naging parang buhangin, at ang bunga ng iyong tiyan ay gaya ng mga buklig noon: ang kaniyang pangalan ay hindi mahihilawalay, o magigiba man sa harap ko.

**20** Kayo'y lumabas sa Babilonia, inyong takasan ang mga Kaldeo; kayo'y magsaysay na may woces ng awitan; inyong saysayin ito, itanyag ninyo hangang sa wakas ng lupa: inyong sabihing: Tinubos ng PANGINOON ang kaniyang aliping Jakob. **21** At sila'y hindi naubaw ng pinapatnubayan niya sila sa mga ilang: kaniyang pinaagos ang mga tubig mula sa bato, para sa kanila: kaniyang hinati rin ang bato, at ang mga tubig ay bumukal. **22** Walang kapayapaan sa masama, sabi ng PANGINOON.

**49** Kayo'y makinig Oh mga pulo, sa akin; at inyong dingin, ninyong mga bayan, sa malayo: tinawag ako ng PANGINOON mula sa bahay-bata; mula sa tiyan ng aking ina ay binangit niya ang aking pangalan: **2** at kaniyang ginawa ang aking bibig na parang matalas na tabak, sa lilim ng kaniyang kamay ay ikinubli niya ako; at ginawa niya akong makinang na pana, sa kaniyang lalagyan ng pana ay itinago niya ako: **3** at sinabi niya sa aking: Ikaw ay aking alipin; Israel, na siyang aking kalualhatian. **4** Nguni't aking sinabing: Ako'y gumawang walang kabuluhan, aking ginugol ang aking lakas sa wala, at sa kawalang kabuluhan: gayon ma'y tunay na ang kabatulan sa akin ay nasa PANGINOON, at ang kagantihan sa akin ay nasa aking DIOS. **5** At ngayo'y sinasabi ng PANGINOON na nagbigay lichura sa akin mula sa bahay-bata upang maging kaniyang alipin, upang dalhin uli ang Jakob sa kaniya, at ang Israel ay mapisan sa kaniya: (sapagka't ako'y marangal sa mga mata ng PANGINOON, at ang aking DIOS ay naging aking kalakasan:); **6** oo, kaniyang sinasabing: Totoong magaan ang bagay na ikaw ay naging aking alipin upang ibangon ang mga angkan ng Jakob, at isauli ang pinamalagi ng Israel: ikaw ay aking ibibigay na pinakailaw sa mga nasyon, upang ikaw ay maging aking panligtas hangang sa wakas ng lupa. **7** Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng manunubos sa Israel, ng kaniyang Santo, doon sa niwawalang kabuluhan ng tawo, doon sa kinapopootan ng nasyon, sa alipin ng mga puno: Ang mga hari ay nakakakita, at magbabangon ang mga pangulo, ut mag-

sisisamba; dahil sa PANGINOON na tapat, sa Santo ng Israel, na siyang pumili sa iyo. 8 Ganito ang sabi ng PANGINOON: Sa kinalulugurang parahan ay sinagot kita, at sa araw ng pagliligtas ay tinulungan kita: at aking pananatilihin kita, at ibibigay kita na pinakatipan sa bayan, upang ibangon ang lupain, upang ipamana sa kanila ang mga sirang mana; 9 na sabihin sa kanilang nangabibilango: Kayo'y lumabas: sa kanilang nangasa kadliman: Pakita kayo. Sila'y kakain sa mga daan, at ang lahat na hubad na kaitaan ay magiging kanilang sabsaban. 10 Sila'y hindi magugutom, o mauhaw man; at hindi man sila mapapaso ng init, o ng araw man: sapagka't siyang may awa sa kanila ay papatubay sa kanila, sa tabi ng mga bukal ng tubig papatubayan niya sila. 11 At aking papapaging langanangan ang lahat ng aking bundok, at ang aking mga maluang na langanangan ay matataas. 12 Narito, ito'y mangagaling sa malayo: at, narito, ang mga ito ay mula sa hilagaan, at mula sa kalunuran; at ang mga ito ay mula sa lupain ng Sinim. 13 Kayo'y umawit, Oh mga langit; at magalak, Oh lupa; at kayo'y magbiglang umawit; Oh mga bundok: sapagka't inaliw ng PANGINOON ang kaniyang bayan, at mahahabag sa kaniyang napipighati. 14 Nguni't sinabi ng Sion: Pinabayaan ako ni Jehova, at nilimot ako ng PANGINOON. 15 Malilimutan ba ng babaye ang kaniyang batang pasusuhin, na siya'y hindi mahahabag sa anak ng kaniyang bahay-bata? oo, ito'y makalilimot, gayon ma'y hindi kita kalilimutan. 16 Narito, aking hinichurahan kita sa mga palad ng aking mga kamay; ang iyong mga kuta ay laging nasa harap ko. 17 Ang iyong mga anak ay nagmamadali; ang mga mangigiba sa iyo at ang sumisira sa iyo ay lalabas sa iyo. 18 Imulat mo ang iyong mga mata sa palibot, at ikaw ay tumingin: lahat ng ito ay nagpipipisan, at naparirito sa iyo. Buhay ako, sabi ng PANGINOON, ikaw ay magbibihis sa pamamagitan nilang lahat na pinakagayak, at magbibigkis sa pamamagitan nila na parang isang novia. 19 Sapagka't tungkol sa iyong mga sira, at sa iyong mga gibang lugar, at sa iyong lupain na nawasak, tunay na ikaw ngayon ay magiging totoong napakakipot sa mga mananahan, at silang mga sumasakmal sa iyo ay malalayo. 20 Ang mga anak ng iyong kabaugan, magsasabi pa sa iyong mga pakinig: Ang

lugar ay totoong makipot sa ganang akin: Bigyan mo ako ng lugar upang aking matahanan: 21 Kung magkagayo'y sasabihin mo sa iyong puso: ¿Sinong nanganak ng mga ito sa akin, sa bagay ay nabaog ako sa aking mga anak, at ako'y nag-iisa, tapon, at gumagala na paroo't parito? at ¿sinong nagpalaki ng mga ito? Narito, ako'y naiwang mag-isa; ang mga ito, ¿saan nangandoon?

22 Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, aking itataas ang aking kamay sa mga nasyon, at itatayo ko ang aking bandila sa mga bayan: at sila'y magdadala ng iyong mga anak na lalaki sa kanilang sinapupunan, at ang iyong mga anak na babaye ay papasanin ng kanilang mga balikat. 23 At mga hari ang magiging iyong mga taga kandili na magulang, at ang kanilang reina, iyong mga taga kandili na ina: sila'y yuyukod sa iyo ng kanilang mga mukha sa lupa, at hihimuran ang alabok ng iyong mga paa; at iyong makikilala, na ako ang PANGINOON, at ang mga naghilintay sa akin ay hindi mapapahiya. 24 ¿Makukuba ba ang huli sa makapangyarihan, o maliligtas ang mga marapat na nabihag? 25 Nguni't gawito ang sabi ng PANGINOON: Pati ng mga bihag ng makapangyarihan ay kukunin, at ang huli ng kakilakilabot ay maliligtas: sapagka't ako'y makikipagtalos sa kaniya na nakikipagtalos sa iyo, at aking ililigtas ang iyong mga anak. 26 At aking pakakanin silang pumipighati sa iyo ng kanilang sariling laman; at sila'y malalango ng kanilang sariling dugo, na gaya ng matamis na alak: at makikilala ng lahat na laman, na akong PANGINOON ay iyong tagapagligtas, at iyong manunubos, na Makapangyarihan ng Jakob.

50 Ganito ang sabi ng PANGINOON: ¿Saan nandoon ang sulat ng pagkakahiwalay ng iyong ina, na aking ipinaghiwalay sa kaniya? ¿o sa kanino sa aking mga mapagpautan ipinagbili kita? Narito, dahil sa inyong mga kasam-an ay naipagbili kayo, at dahil sa inyong mga paglalangang ay nahiwalay ang inyong ina. 2 ¿Bakit, ng ako'y parito, ay walang lalaki? ¿ng ako'y tumawag, ay walang sumagot? ¿umikli na ba ang aking kamay na hindi makatubos? ¿o wala akong kapangyarihang magligtas? Narito, sa saway ko ay aking tinuyo ang dagat, aking pinapaging ilang ang mga ilog: ang kanilang isda ay bumabaho,

sapagka't walang tubig, at namamatay dahil sa uhaw. **3** Aking binibihisan ang mga langit ng kaitiman, at aking ginagawang kayong magaspang ang kanilang takip.

**4** Ang Panginoong Dios ay nagbigay sa aking ng dila nila na naturuan, upang aking maalaman kung paanong aalalay ng mga salita sa kaniya na pagod: siya'y gumigising tuing umaga, ginigising niya ang aking pakinig upang makinig na gaya ng mga naturuan. **5** Ibinukas ng Panginoong Dios ang aking pakinig, at ako'y hindi naging mapanghimagsik, o tumalikod man. **6** Aking ipinain ang aking likod sa mga manunugat, at ang aking mga pisngi sa mga bumabaltak ng balbas: hindi ko ikinubli ang aking mukha sa kalihyan at sa paglura. **7** Sapagka't tutulungan ako ng Panginoong Dios; kaya't hindi ako nalito; kaya't inilagay ko ang aking mukha na parang batong kiskisan, at talastas ko na hindi ako mapapahiya. **8** Siya'y malapit na nagpapatotoo sa akin; sino ang makikipagtaglo sa akin? tayo'y tumayong magkakasama: sino ang aking kaaway? lumapit siya sa akin. **9** Narito, tutulungan ako ng Panginoong Dios; sino siya na magpaparusa sa akin? narito, silang labat ay malulumang parang bihisan; mga lalamunin ng bukbok.

**10** Sino sa inyo na natatakot sa PANGINOON, na sumusunod sa voces ng kaniyang alipin? Siyang lumalakad sa kadiliman, at walang liwanag, umasa siya sa pangalan ng PANGINOON; at sumandal sa kaniyang Dios. **11** Narito, kayong lahat na nagpapapaalab ng apoy, na nakukubkob ng mga alipato: lumakad kayo sa liab ng inyong apoy, at sa gitna ng mga alipato na inyong pinaglaab. Ito ang tatamuhin ninyo sa aking kamay; kayo'y hihigang may kaplanwan.

**51** Kayo'y makinig sa akin, kayong sumusunod sa kabanalan, kayong humahanap sa PANGINOON: tumingin kayo sa bato na inyong kinaputulan, at sa butas ng hukay na kinahukayan sa inyo. **2** Tumingin kayo kay Abraham na inyong ama, at kay Sara na panganak sa inyo: sapagka't ng siya'y iisa lamang ay tinawag ko siya, at aking pinagpala siya, at aking pinarami siya. **3** Sapagka't inaliw ng PANGINOON ang Sion: kaniyang inaliw ang lahat niyang sirang lugar, at ginawa niya ang kaniyang ilang na parang Eden, at ang kaniyang parang ay gaya ng halamanan ng PANGINOON;

kagalakan at kasayahan ay masusumpungan doon, pagpapasalamat at tinig na tugma.

**4** Makinig ka sa akin, Oh bayan ko; at dingin mo ako, Oh nasyon ko: sapagka't isang kautusan ay magmumula sa akin, at papagpapahingahin ko ang aking kahatulan na pinakaliwanag sa mga bayan. **5** Ang kabanalan ko ay malapit, ang aking pagligligtas ay lumabas, at bahatol ang aking mga kamay sa mga bayan; ang mga pulo ay maghihintay sa akin, at sa aking kamay ay aasa sila. **6** Itaas ninyo ang inyong mga mata sa mga langit, at tumungo kayo sa lupa sa ibaba: sapagka't ang mga langit ay mapapawing parang usok, at ang lupa ay maluluma na parang bihisan, at silang tumatahat doon ay mamamatay ng gayon ding paraan: nguni't ang pagligligtas ko ay magpakailan man, at ang aking kabanalan ay hindi mawawakanan.

**7** Inyong pakingan ako, ninyong nakaakalan ng kabanalan, bayan na ang puso ay kinaroonan ng aking kautusan; huag ninyong katakutan ang pula ng mga tawo, o mianlupaypay man kayo sa kanilang mga pagkapighati. **8** Sapagka't mga lalamunin ng bukbok na parang bihisan, at mga kakanin ng uod na parang bihisan na balahibo ng tupa: nguni't ang aking kabanalan ay magiging magpakailan man, at ang aking pagligligtas ay sa lahat ng lahi.

**9** Ikaw ay gumising, ikaw ay gumising, magbihis ka ng kalakasan, Oh kamay ng PANGINOON; ikaw ay gumising na gaya ng araw ng una, na mga lahi ng mga dating panahon. Hindi ba ikaw ang nagpirapiraso sa Egipto, na sumaksak sa boaya? **10** Hindi ba ikaw ang tumuyo sa dagat, sa mga tubig ng malaking kalaliman; na nagpapaging daan ng mga kalaliman ng dagat upang daanan ng natubos? **11** At ang mga tinubos ng PANGINOON ay babalik, at paroroonng may awitan sa Sion; at walang hangang kagalakan ay sasa kanilang mga ulo: sila'y magtatamo ng kasayahan at kagalakan, at ang kapanlawan at pagbubuntong-hininga ay tatakas.

**12** Ako, ako, ay siyang umaaliw sa inyo: sino ikaw, upang matakot sa lalaki na mamamatay, at sa anak ng tawo na gagawing parang damo; **13** at iyong kinalimutan ang PANGINOON na Maylalang sa iyo, na nag-uunat ng mga langit, at naglalagay ng mga cimiento ng lupa;

at ikaw ay natatakot na lagi boong araw dahil sa pag-aalab ng loob ng mamimighati, pagka siya'y nagmamadali upang gumiba? at kasaan nandoon ang pag-aalab ng loob ng mamimighati? **14** Ang bihag na tapon ay madaling bibitawan; at hindi mamamatay at bababa sa hukay, o magkukulang man ang kaniyang tinapay. **15** Sapagka't ako ang PANGINOONG iyong Dios, na nagpapahugong sa dagat, na ang mga alon noo'y humuhugong; ang PANGINOON ng mga hukbo ay siyang kaniyang pangalan. **16** At inilagay ko ang aking mga salita sa iyong bibig, at tinakpan kita sa liliim ng aking kamay, upang aking mailagay ang mga langit, at mailagay ang mga cimientong ng lupa, at magsabi sa Siyong: Ikaw ay aking bayan.

**17** Ikaw ay gumising, ikaw ay gumising, tumayo ka, Oh Jerusalem, na uminom sa kamay ng PANGINOON ng kopa ng kaniyang pag-aalab ng loob; iyong inom ang mankok na kopa na panghapay, at iyong nilagok. **18** Walang pumatubay sa kaniya sa lahat na mga anak na kaniyang ipinanganak; o may humawak man sa kaniya sa kamay sa lahat na anak na kaniyang pinalaki. **19** Ang dalawang bagay na ito ay nangyari sa iyo; kasiinong makikidamdang sa iyo? kagibaan, at kasiiraan, at ang kagutom at ang tabak; kapaanong aaliwin kita? **20** Ang iyong mga anak ay nanlupaypay, sila'y nahihiga sa dulo ng lahat na langganan, na parang isang usa sa isang silo; sila'y puno ng pag-aalab ng loob ng PANGINOON, ng saway ng iyong Dios. **21** Kaya't dingin mo ito ngayon, ikaw na napipighati, at lango, ngumi't hindi ng alak: **22** ganito ang sabi ng iyong Pangineon na PANGINOON, at ng iyong Dios na nagsasalangang ng usap ng kaniyang bayan: Narito, aking inalis sa iyong kamay ang kopa na panghapay, ang mankok na kopa ng aking pag-aalab ng loob; hindi ka na inom pa: **23** at aking ilalagay sa kamay nila na pumipighati sa iyo; na nagsabi sa iyong kaluluwa: Ikaw ay yumuko, upang kami ay dumaan: at iyong inilapag ang iyong likod na parang lapag, at parang langganan sa kanilang nagdaraan.

**52** Ikaw ay gumising, ikaw ay gumising, magsuot ka ng iyong kalakasan, Oh Sion; magsuot ka ng iyong mga magandang damit, Oh Jerusalem, na santong ciudad: sapagka't mula ngayo'y hindi na papasok pa sa iyo ang hindi tuli at ang marumi. **2** Magpapag ka ng

alabok; ikaw ay bumanon, umupo ka, Oh Jerusalem: magkalag ka ng mga tali ng iyong leeg, Oh bihag na anak na babaye ng Sion.

**3** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON: Kayo'y naipagbili sa wala; at kayo'y matutubos ng walang salapi.

**4** Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Ang bayan ko ay bumaba sa pasimula sa Egipto upang mangibang bayan doon: at pinighati sila ng mga taga Asiria na walang kadahilanan. **5** Ngayon nga, kanong ginagawa ko rito, sabi ng PANGINOON, sa paraang ang aking bayan ay naalis sa wala? silang nagpupuno sa kinila ay umuungal, sabi ng PANGINOON, at ang aking pangalan ay natutugyaw na lagi boong araw. **6** Kaya't makikilala ng aking bayan ang aking pangalan: kaya't makikilala nila sa araw na yaon, na ako yaong nagsasalita; narito, ako nga.

**7** Pagkaganda sa mga bundok ng mga paa niya na nagdadala ng mga mabuting balita, na naghahayag ng kapayapaan, na nagdadala ng mga mabuting balita sa ikabubuti, na nagtatanyag ng kaligtasan; na nagsasabi sa Sion: Ang iyong Dios ay naghahari! **8** Ang voces ng iyong mga bantay! sila'y nagtataas ng voces na magkakasama, silang umaawit; sapagka't sila'y magkikikita ng matahan, pagka ang PANGINOON ay nagbalik sa Sion. **9** Kayo'y magpasimula sa kagalakan, kayo'y umawit na magkakasama, kayong mga gibang lugar ng Jerusalem: sapagka't inaliw ng PANGINOON ang kaniyang bayan, kaniyang tinubos ang Jerusalem.

**10** Hinubdan ng PANGINOON ang kaniyang santong kamay sa mga mata ng lahat na nasyon; at makikita ng lahat na wakas ng lupa ang paghiligtas ng ating Dios.

**11** Kayo'y yumaon, kayo'y yumaon, kayo'y umalis doon, huag kayong humipo ng maruming bagay; kayo'y lumabas sa gitna niya; kayo'y magpakalinis, kayong nagdadala ng mga sisidlan ng PANGINOON.

**12** Sapagka't kayo'y hindi labas na nagmamadali, o lababas man kayo na takas: sapagka't ang PANGINOON ay magpapaua sa inyo; at ang Dios ng Israel ay magiging iyong bantay-likod.

**13** Narito, ang alipin ko ay gagawang may karunungan, siya'y matataas, at malalagay na mataas, at magiging napaka-taas. **14** Kung paanong ang marami ay natigilan sa iyo, (ang kaniyang mukha ay napakaiba kay sa kanino mang lalaki, at ang kaniyang hichura ay higit kay sa

mga anak ng mga tawo.) 15 sa gayo'y magwiwisik siya sa maraming nacion; ang mga hari ay magtitikom ng kanilang mga bibig sa kaniya: sapagka't ang hindi nasaysay sa kanila ay kanilang makikita; at ang hindi nila narinig ay kanilang matatalastas.

**53** (Sinong naniwala ng aming balita? at (kanino nahayag ang kamay ng PANGINOON? 2 Sapagka't siya'y tumubo sa harap niya na parang malambot na pananim, at parang ugat sa tuyong lupa: walang hichura o kagandahan man; at pagka ating minamasdan siya ay walang kagandahan na manais kami sa kaniya. 3 Siya'y nawalang kabuluhan at itinakuil ng mga lalaki; tawong sa kapanlawan at maalam ng karamdaman: at parang isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tawo, siya'y niwalang kabuluhan, at hindi kami hinalagahan niya.

4 Tunay na kaniyang dinala ang ating mga karamdaman: at dinala ang aming mga kapanlawan: gayon ma'y aming ipinalagay siya na sinaktan, sinugatan ng Dios, at napipighati. 5 Nguni't siya'y nasugatan dahil sa aming mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa aming mga kasam-an; ang parusa ng tungkol sa aming kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga sugat ay gumaling kami. 6 Kaming lahat na parang mga tupa ay nalgaw; kami ay tinmungo bawa't isa sa kaniyang sariling daan; at ipinasan sa kaniya ng PANGINOON ang kasam-an naming lahat.

7 Siya'y napipighati, gayon ma'y nagpakababa siya at hindi nagbuka ng kaniyang bibig; parang cordero na pinatubayan sa putayan, at parang tupa na sa harap ng mga mangugupit sa kaniya ay pipi; oo, hindi niya binuka ang kaniyang bibig. 8 Sa pamamagitan ng kapighatian at kahatulan ay nakuha siya; at tungkol sa kaniyang lahi, (sino sa kanila) ang gumunita na siya'y nahiwalay sa lupain ng may buhay? dahil sa pagsalangsang ng aking bayan ay nasaktan siya. 9 At sila'y gumawa ng kanilang libingan na kasama ng masama, at kasama ng mayaman sa kaniyang kamatayan; baga man hindi siya gumawa ng pangdadahas, o wala mang ano mang karayaan sa kaniyang bibig....

10 Gayon ma'y kinalugdan ng PANGINOON na saktan siya; inilagay niya siya sa pagdaramdam: pagka iyong gagawin

ang kaniyang kalulua na pinakahandog dahil sa kasalanan, makikita niya ang kaniyang binhi, pahababain niya ang kaniyang mga araw, at ang kaligayahan ng PANGINOON ay lalago sa kaniyang kamay. 11 Siya'y makakaita ng pagdaramdam ng kaniyang kalulua at mabubusog: sa pamamagitan ng kaniyang kaalaman ay patototohanan ng aking banal na alipin ang marami: at dadalhin niya ang kanilang mga kasam-an. 12 Kaya't hahatian ko siya ng bahagi na kasama ng malaki, at kaniyang hatiin ang samsam na kasama ng malakas; sapagka't kaniyang ibinuho ang kaniyang kalulua sa kamatayan, at nabilang na kasama ng mga mananalangsang: gayon ma'y dinala niya ang kasalanan ng marami, at gumawa ng pamamagitan para sa mga mananalangsang.

**54** Ikaw ay umawit, Oh baog, ikaw na hindi nanganak; ikaw ay magbiglang umawit, at humiyaw ng malakas, ikaw na hindi nagdaramdam ng panganganak: sapagka't ligat ang mga anak ng sira kay sa mga anak ng may asawa, sabi ng PANGINOON. 2 Iyong palakhin ang lugar ng iyong dampa, at maladlad ang mga tabing ng iyong mga tahanan; huag kang mag-urong; iladlad mo ang iyong mga lubid, at patibayin mo ang iyong mga tulos. 3 Sapagka't ikaw ay maglalaglag sa kanan at sa kaliwa; at ang iyong binhi ay mag-aari ng mga nacion, at patatahanan ang mga gibang ciudad. 4 Ikaw ay huag matakot; sapagka't ikaw ay hindi mapapahiya: o malilito ka man; sapagka't hindi ka malalagay sa kahihiyang: sapagka't iyong kalilimutan ang kahihiyang ng iyong kabataan, at ang pula sa iyong pagkabao ay hindi mo na maaalala pa. 5 Sapagka't ang Maylalang sa iyo ay iyong asawa; ang PANGINOON ng mga hukbo ay kaniyang pangalan: at ang Santo ng Israel ay iyong manunubos; Dios ng boong lupa tatawagin siya. 6 Sapagka't tinawag ng PANGINOON ka na parang asawa na kinalimutan at namamanlaw sa espiritu, parang asawa ng kabataan, ng siya'y itakuil, sabi ng iyong Dios. 7 Sa tootong sandali ay kinalimutan kita; nguni't pipisanin kita sa pamamagitan ng mga malaking kawaan. 8 Sa kaunting pag-iinit ay ikinubli ko ang aking mukha sa iyo sa isang sandali, nguni't kinaawaan kita sa pamamagitan ng walang hangang kagandahang loob, sabi ng PANGINOON, na iyong manunubos. 9 Sapagka't ito ay gaya ng

mga tubig ni Noe sa akin: sapagka't kung paanong ako'y sumumpa, na ang mga tubig ni Noe ay hindi na sasampa pa sa lupa, gayon ako sumumpa na hindi ako nag-iinit sa iyo, o sasaway sa iyo. **10** Sapagka't ang mga bundok ay lalayo at ang mga burol ay mababago; ngunit ang aking kagandahang-loob ay hindi hihiwalay sa iyo, o ang akin uang tipan ng kapayapaan ay mababago, sabi ng PANGINOON na naaawa sa iyo.

**11** Oh ikaw na napipighati, na pinaspas ng bagyo, at hindi naaliw, narito, aking ilalagay ang iyong mga bato na may magandang mga kulay, at ilalagay ko ang iyong mga cimientong na may mga zafiro. **12** At gagawin kong mga rubi ang iyong mga dungawan, at mga karbungko ang iyong mga pintuang-daan, at mga maligayang bato ang iyong lahat na hanganan. **13** At lahat mong mga anak ay tuturuan ng PANGINOON; at magiging malaki ang kapayapaan ng iyong mga anak. **14** Sa kabanalan ay matatag ka: ikaw ay magiging malayo sa kapighatian, sapagka't hindi mo katatakutan; at sa kakilabutan, sapagka't hindi lapat sa iyo. **15** Narito, sila'y makapagpipisan, ngunit hindi sa pamamagitan ko: sino sino mang magpipisan laban sa iyo ay mabubul dahil sa iyo. **16** Narito, aking nilalang ang mangbabalak na humihihi ng mga bago, at naglalabas ng kasangkapan para sa kaniyang gawa; at aking nilalang ang manggiba upang gumiba. **17** Walang sakbat na nahichurahan laban sa iyo na ginhawa; at baw't dila na babangon laban sa iyo sa kahatulan ay inyong parurusahan. Ito ang mana ng mga alipin ng PANGINOON, at ang kabanalan nila na sa akin, sabi ng PANGINOON.

**55** Oh lahat na nauhaw, pumarito kayo sa mga tubig, at siyang walang salapi; pumarito kayo, kayo'y bumili, at kumain; oo, kayo'y parito kayo'y bumili ng alak at gatas ng walang salapi at walang bayad. **2** Bakit kayo'y naggugugol ng salapi sa hindi tinapay? at ng inyong gawa sa hindi nakabubusog? inyong dinging maingat ako, at kumain kayo ng mabuti, at maaliw ang inyong kalulua sa katabaan. **3** Inyong ikiling ang inyong tainga; at parito kayo sa akin; kayo'y makinig at ang inyong kalulua ay mabubuhay: at ako'y gagawa ng walang hangang tipan sa inyo, ng tunay na mga

kaawaan kay David. **4** Narito, ibinigay ko siya na pinakasaksi sa mga bayan, na patnubay at tagapag-utos sa mga bayan. **5** Narito, ikaw ay tatawag ng nasyon na hindi mo nakikilala, at nasyon na hindi ka nakikilala ay tatakbo sa iyo, dahil sa PANGINOONG iyong Dios, at dahil sa Santo ng Israel; sapagka't kaniyang nilualhati ka.

**6** Inyong hanapin ang PANGINOON samantalang siya'y masusumpungan, tomawag kayo sa kaniya samantalang siya'y malapit: **7** pbayaan ng masama ang aking iyang lakad, at ng di banal ang kaniyang mga pag-iisip: at magbalik siya sa PANGINOON, at kaawaan siya niya; at sa aming Dios, sapagka't siya'y magpapatawad ng sagana. **8** Sapagka't ang aking mga pag-iisip ay hindi ninyo mga pag-iisip, o ang inyo mang mga lakad ay aking mga lakad, sabi ng PANGINOON. **9** Sapagka't kung paanong ang mga langit ay lalong mataas kay sa lupa, gayon ang aking mga lakad ay lalong mataas kay sa inyong mga lakad, at ang aking mga pag-iisip kay sa inyong mga pag-iisip. **10** Sapagka't kung paanong ang ulan ay bumababa at ang nieve mula sa langit, at hindi nagbabalik doon, kungdi dinidilig ang lupa, at pinatataba, at pinapagbubunga, at nagbibigay ng binhi sa manahasik at tinapay sa mangangain; **11** magiging gayon ang aking salita na lalabas sa bibig ko: hindi babalik sa akin na walang bunga, kungdi tutuparin ang kinalulugdan ko, at ginhawa sa bagay na aking pinagsusugan. **12** Sapagka't kayo'y lalabas na may kagalakan, at papatnubayang may kapayapaan: ang mga bundok at ang mga burol ay bubulas ng pag-awit sa harap ninyo, at ipapakpak ng lahat na punong kahoy sa parang ang kanilang mga kamay. **13** Sa lugar ng tinik ay tutubo ang puno ng abeto, at sa lugar ng dawag ay tutubo ang arrayan: at sa PANGINOON ay magiging pinakapangalan, pinakawalang hangang tanda na hindi mapaparam.

**56** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Kayo'y mag-ingat ng kahatulan, at gumawa ng kabanalan: sapagka't ang aking pagliligtas ay malapit ng darating, at ang aking kabanalan ay mahahayag. **2** Mapalad ang lalaki na gumagawa nito, at ang anak ng tawo na nanghahawak dito; na nangingilin ng sabado upang huag dumuhan, at nag-iingat ng kaniyang kamay sa paggawa ng ano mang ka-



sam-an. **3** At huag ding magsalita ang tagaibang lupa na nalakip sa PANGINOON, na magsabing: Tunay na ihihwalay ako ng PANGINOON sa kaniyang bayan: at huag ding magsabi ang bating: Narito, ako'y punong kahoy na tuyo. **4** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON tungkol sa mga bating na nangingilin ng aking mga sabado, at pumipili ng mga bagay na nakalulugod sa akin, at nagpapakalakas sa aking tipan: **5** Sa kanila'y magbibigay ako sa aking bahay, at sa loob ng aking mga kuta ng alaala at pangalan na maigi kay sa mga anak na lalaki at babaye; aking bibigyan sila ng walang hangang pangalan, na hindi mapaparam. **6** Gayon din ang mga taga ibang lupa, na nagsilakip sa PANGINOON, upang mamahala sa kaniya, at suminta sa pangalan ng PANGINOON, upang maging kaniyang mga alipin, bawa't nangingilin ng sabado upang huag dumhan, at nagpapakalakas sa aking tipan; **7** sila ay dadalhin ko sa aking santong bundok, at gagawin ko silang galak sa aking bahay na dalanginan; ang kanilang mga handog na tsusunugin at ang kanilang mga hayin ay tatanggapin sa aking altar: sapagka't ang aking bahay ay tatawaging bahay na dalanginan para sa lahat ng bayan. **8** Ang Panginoong Dios na pumipisan ng mga nanabog sa Israel ay nagsasabing: Magpipisan pa ako ng mga iba sa kaniya, bukod sa kaniyang sarili na nangapisan.

**9** Kayong lahat na mga hayop sa parang, kayo'y paritong sumakmal, oo, kayong lahat na mga hayop sa gubat. **10** Ang kaniyang mga bantay ay mga bulag, silang lahat ay walang kaalaman; silang lahat ay mga piping aso, sila'y hindi makakahol; mapanaginipin, mapaghiga, maibigin sa pag-idlip. **11** Oo, ang mga aso ay maamo, sila'y kailan man ay walang kabusugan; at ang mga ito ay mga pastor na hindi nakabatid: sila'y nagsilikong lahat sa kanilang sariling daan, bawa't isa'y sa kaniyang pakinabang, na walang katangian. **12** Kayo'y parito, sabi nila, ako'y magdadala ng alak, at magpapakapatid uhaw tayo ng matapang na inumin; at bukas ay magiging gaya ng araw na ito, dakilang araw, at lalong sagana.

**57** Ang banal ay namamatay at walang lalaking naglalagak ng puso; at mga lalaking mahabagin ay naalis, walang gumugunita na ang banal ay naalis sa kasam-an na darating. **3** Siya'y nanasok

sa kapayapaan; sila'y nagpapahinga sa kanilang mga hibigan, lahat ng lumalalagak sa kaniyang katuturan.

**3** Ngunit lumapit kayo rito; kayong mga anak ng babayeng mangagaway, na binhi ng mangangalunya at ng dalahira. **4** Laban kanino nakipag-aglahian kayo? laban kanino naglulung kayo ng bibig, at naglalawit ng dila? hindi ba kayo mga anak ng pagsalangsang, binhing sinuugaling, **5** kayong mga nagpapani-ngas sagitna ng mga encina, sa ilalim ng bawa't sariwagot puno ng kahoy, na pumapatay ng mga anak sa mga libis, sa ilalim ng mga puang ng mga bato. **6** Nasa gitna ng mga mabilog na bato sa libis ang iyong bahagi; sila, sila ang iyong kapalaran: pati sa kanila nagbuhos ka ng inuming handog, ikaw ay naghandog ng alay. Matatahimik ba ako sa mga bagay na ito? **7** Sa isang mataas at matayog na bundok ay inilagay mo ang iyong hihi-gan: doon ka naman sumampa upang maghandog ng hayin. **8** At sa likod ng mga pintuan at ng mga tukod ay inilagay mo ang iyong alaala: sapagka't ikaw ay nagpakahubad sa iba kay sa akin, at ikaw ay sumampa; iyong pinalaki ang iyong hibigan, at gumawa ka ng tipan sa kanila; iyong inibig ang kanilang hibigan na iyong pinagkakti-taan. **9** At ikaw ay napanood sa hari na may pangpahid, at iyong pinarami ang iyong mga pabango, at iyong sinugo ang iyong mga sugo sa malayo, at ikaw ay nagpakababa hangang sa Sheol. **10** Ikaw ay napagod sa kababaan ng iyong lakad; gayon ma'y hindi sinabi mong: Walang pag-asa: ikaw ay nakasumpung ng kabuhayan ng iyong lakas; kaya't hindi ka nanlupaypay. **11** At kanino ka nangilabot at natakot, na ikaw ay nagsisinu-ngaling, at hindi mo ako inalala, o inalagak mo man sa iyong puso? hindi ba ako tumahimik na malaong panahon, at hindi mo ako kinatatakutan? **12** Aking ihahagay ang iyong kabanalan; at tungkol sa iyong mga gawa, hindi sila makikinabang sa iyo. **13** Pagka ikaw ay humihiyaw, iligtas ka nila na iyong pinisan; ngunit mga tatangayin ng hangin, isang hinga ay tatangay sa kanila: ngunit siyang naglalagak ng kapiyang pag-asa sa akin ay maga-ari ng lupain, at magmamana ng aking santong bundok. **14** At kaniyang sasabihing: Inyong patagin, inyong patagin, inyong ihanda ang langganan, inyong alisin

ang katitisan sa langsgan ng aking bayan.

15 Sapagka't ganito ang sabi ng Mataas at Matayog na tumatahan sa walang hangan, na ang pangalan ay Santo: Ako'y tumatahan sa mataas at santong lugar, kasama rin niya na may pagsisisi at pagpapakumbabang espiritu, upang bumuhay ng espiritu, ng nagpapakumbaba, at upang bumuhay ng puso ng nagsisisi. 16 Sapagka't hindi ako makikipagtalò kailan man, o mag-iinit na lagi inan ako: sapagka't ang espiritu ay manlulupaypay sa harap ko, at ang mga kalulua na aking nilalang. 17 Dahil sa kasam-an ng kaniyang kasakiman ay nag-iinit ako at sinugatan ko siya, aking ikinubli ang aking mukha at ako'y nag-iinit: at siya'y yumaong nanhimagsik ng lakad ng kaniyang puso. 18 Aking nakita ang kaniyang mga lakad, at gagamutin ko siya: akin namang papatnubayan siya, at bibigyan ko ng mga kaaliwan siya at ang kaniyang mga mananangis. 19 Aking nililikha ang bunga ng mga labi: Kapayapaan, kapayapaan, sa kaniyan na malayo, at sa kaniya na malapit, sabi ng PANGINOON; at aking gagamutin siya. 20 Nguni't ang masama ay gaya ng bagabag na dagat; sapagka't hindi makapagpapahinga, at ang kaniyang mga tubig ay umaalimbukay ng putik at dumi. 21 Walang kapayapaan, sabi ng aking Dios, sa masama.

58 Ikaw ay humiyaw ng malakas, huag kang magpigil, itaas mo ang iyong voces na parang pakakak, at iyong ihayag sa aking bayan ang kanilang pag-salangsang, at sa bahay ng Jakob ang kanilang mga kasalanan. 2 Gayon ma'y hinahanap nila ako araw-araw: at kinalulugdan nila na malamang ang aking mga daan: na gaya ng nacion na gumawang may kabanalan, at hindi lumimot ng ayos ng kanilang Dios, humihingi sila sa akin ng mga banal na ayos, sila'y nalulugod na lumapit sa Dios. 3 Bakit kami ay nag-ayuno, sabi nila, at hindi mo nakikita? bakit aming pinagdalamhati ang aming kalulua at hindi mo nalalaman? Narito, sa kaarawan ng inyong pag-ayuno ay nasusumpungan ninyo ang inyong sariling kalayawan, at inyong hinihingi ang lahat ninyong gawa. 4 Narito, kayo'y nag-ayuno para sa pakikipagkaalit at pakikipagtalò, at upang sumagat ng suntok ng kasam-an: hindi kayo nag-ayuno sa araw na ito, upang inyong iparinig ang inyong

voces sa itaas. 5 Iyan ba ang ayuno na aking pinili? ang araw na pagdadalamhatiin ng tawo ang kaniyang kalulua? ang iyuko ang kaniyang ulo na parang yantok, at maglaldad ng magaspang na kayo at abo sa ilalim niya? Iyo bang tatawagin ito na ayuno, at kalagodlugod na araw sa PANGINOON? 6 Hindi ba ito ang ayuno na aking pinili? Na kalagin ang mga tali ng kasam-an, na kalagin ang mga tali ng pamatok, at papaging layain ang napipighati, at iyong baliin ang lahat na pamatok? 7 Hindi ba ang magbahagi ng iyong tinapay sa gutom, at dalhin mo sa iyong bahay ang dukha na walang tuluyan? pagka nakakita ka ng hubad, na iyong bihasin; at huag kang magkubli sa iyong sariling laman? 8 Kung magkagayo'y sisikat ang iyong liwanag na parang umaga, at ang iyong kagamutan ay labas na bigla: at ang iyong kabanalan ay yayaon sa unahan mo; ang kaulalhatian ng PANGINOON ay magiging iyong bantay-likod. 9 Kung magkagayo'y tatawag ka, at ang PANGINOON ay sasagot; ikaw ay hihiyaw, at siya'y magsasabing: Narito ako. Kung iyong alisin sa gitna mo ang pamatok, ang pag-uunat ng daliri, at ang pagsasalita ng masama; 10 at kung iyong ibubuhos ang iyong kalulua sa gutom, at iyong bubusgin ang napipighating kalulua; kung magkagayo'y sisilang ang iyong liwanag sa kadiliman, at ang iyong kadiliman ay magiging parang katinghaliang tapat: 11 at papatnubayan ka ng PANGINOON na palagi, at bubusgin ang iyong kalulua sa mga tuyong lugar, at palalakasin ang iyong mga buto; at ikaw ay magiging parang halamanang nadilig, at parang bukal ng tubig, na ang mga tubig ay hindi naglililikat. 12 At silang magiging iyo ay magtatayo ng mga dating sirang lugar: ikaw ay magbahangon ng mga cimiento ng maraming lahi, at ikaw ay tatawaging: Ang tagapaghusay ng sira, Ang tagapagsauli ng mga landas na matatahanan. 13 Kung iyong ihiwalay ang iyong paa sa sabado, sa paggawa ng iyong kalayawan sa aking santong araw; at iyong tawagin ang sabado na kaaliwan, at ang santo ng PANGINOON na kagalang-galang; at iyong pararangalan, na hindi ka lalakad sa iyong mga sariling lakad, o makakasumpung man ng iyong sariling kalayawan, o magsasalita man ng iyong mga sariling salita: 14 kung magkagayo'y maaaliw ka sa PANGINOON; at panganga-

bayuhin kita sa mga mataas na lugar sa lupa; at aking pakakanin kita ng mana ni Jakob na iyong ama: sapagka't sinalita ng bibig ng PANGINOON.

**59** Narito, ang kamay ng PANGINOON ay hindi umikli, upang huag magligtas; at hindi man bumigat ang kaniyang pakinig, upang huag makinig: 2 kungdi ang inyong mga kasam-an ay naghiwalay sa inyo at sa inyong Dios, at ang inyong mga kasalanan ay nagkubli ng kaniyang mukha sa inyo, upang siya'y huag makinig. 3 Sapagka't ang inyong mga kamay ay nabawa ng dugo, at ang inyong mga daliri ng kasam-an; ang inyong mga labi ay nagsalita ng mga kasinungalingan, ang inyong dila ay nagsasalita ng kasam-an. 4 Walang dumadaing na may kabanalan, at walang makipag-usapin na may katotohanan: sila'y umaasa sa kawalang kabuluhan, at nagsasalita ng mga kasinungalingan; sila'y naglilihi ng pagduahagi, at nanganganak ng kasam-an. 5 Sila'y nangingitlog ng mga itlog ng ahas, at humahabi ng bahay ng gagamba: ang kumakain ng kanilang itlog ay namamatay, at ang napipisa ay nilalabasan ng ulupong. 6 Ang kanilang mga bahay-gagamba ay hindi magiging mga kasuotan, o magsusuot man sila ng kanilang mga gawa: ang kaniyang mga gawa ay mga gawa ng kasam-an, at ang kilos ng pangdadahas ay nasa kanilang mga kamay. 7 Ang kanilang mga paa ay tumatakbo sa kasam-an, at sila'y nagmamadaling magbubo ng walang salang dugo: ang kanilang mga pag-iisip ay mga pag-iisip ng kasam-an; kawasakan at kagibaan ay nasa kanilang mga landas. 8 Ang langsgangan ng kapayapaan hindi nila nalalaman; at walang kahatulan sa kanilang mga lakad: sila'y gumawa sa kanila ng mga likong landas; sino mang lumalakad doon ay hindi nakakaalam ng kapayapaan. 9 Kaya't ang kahatulan ay malayo sa atin, o umaabot man sa atin ang kabanalan: tayo'y humahanap ng liwanag, nguni't narito, kadiliman; ng kakinangan, nguni't lumalakad sa dilim. 10 Tayo'y kumakapa sa paing na parang bulag, oo, tayo'y kumakapa na gaya nila na walang mga mata: tayo'y natitisd sa katanghaliang tapat na gaya sa pagtatakip silim; sa gitna ng mga malakas, tayo'y gaya ng mga patay. 11 Tayo'y umuungal na lahat na parang mga oso, at tumatangis na mainam na parang mga kalapati; tayo'y humahanap ng kahatulan, nguni't wala; ng kaligtasan,

nguni't malayo sa atin. 12 Sapagka't ang aming mga pagsalangsang ay dumami sa harap mo, at ang aming mga kasalanan ay nagpapatotoo laban sa amin: sapagka't ang aming mga pagsalangsang ay sumasaamin, at tungkol sa aming mga kasam-an ay mga nakikilala namin: 13 sa pagsalangsang at pagsisinungaling sa PANGINOON at sa paghiwalay sa pagsunod sa aming Dios, na nagsasalita ng pagpighati at panghihimagsik, na naglilihi at nagsasaysay sa puso ng mga salitang kasinungalingan. 14 At ang kahatulan ay tumalikod, at ang kabanalan ay tumatayo sa malayo: sapagka't ang katotohanan ay nahulog sa langsgangan, at ang katuiran ay hindi makapasok. 15 Oo, ang katotohanan ay nawawala; at siyang humihiwalay sa kasam-an ay umaari sa kaniyang sarili na huli: at nakita ng PANGINOON, at sumama ang loob sa kaniya, na walang kahatulan. 16 At kaniyang nakita na walang lalaki, at namangha na walang tagapamag-itan: kaya't ang kaniyang kamay ay nagdala ng kaligtasan sa kaniya; at ang kaniyang kabanalan umalalay sa kaniya. 17 At nagbihis ng kabanalan na parang sapyaw, at ng turbante ng kaligtasan sa kaniyang ulo; at siya'y nagsusuot ng mga bihisan ng kagantihan na pinakasuo, at nagtatakip ng sikap na parang balabal. 18 Ayon sa kanilang mga gawa, gayon kaniyang gagantihin, pag-aalab ng loob sa kaniyang mga kaaway, kagantihan sa kaniyang mga kaali; sa mga pulo ay gaganti siya ng kagantihan. 19 Sa gayo'y katatakutan nila ang pangalan ng PANGINOON mula sa kalunuran, at ang kaniyang kalualhatian ay mula sa pagsikat ng araw: sapagka't siya'y darating na parang baha, na pinayaon ng hinga ng PANGINOON. 20 At isang manunubos ay paroroon sa Sion, at sa kanila, na humihiwalay ng pagsalangsang sa Jakob, sabi ng PANGINOON. 21 At tungkol sa akin, ito ang aking tipan sa kanila, sabi ng PANGINOON: ang aking espiritu na nasa iyo, at ang aking mga salita na inilagay ko sa iyong bibig, hindi hihawalay sa iyong bibig, o sa bibig man ng iyong binhi, o sa bibig man ng binhi ng iyong binhi, sabi ng PANGINOON, mula ngayon at magpakailan pa man.

**60** Ikaw ay bumangon, sumilang ka; sapagka't ang iyong liwanag ay dumating, at ang kalualhatian ng PANGINOON ay sumikat sa iyo. 2 Sapagka't,

narito, tatakpan ng kadiliman ang lupa, at ng salimuot na dilim ang mga bayan: ngunit ang PANGINOON ay sisikat sa iyo, at ang kaniyang kaulalhatian ay makikita sa iyo. **3** At ang mga nasyon ay paroroon sa iyong liwanag, at ang mga hari sa kukinangan ng iyong pagsikat. **4** Imulat mo ang iyong mata sa palibot, at ikaw ay tumingin: silang lahat ay naggipisan, sila'y pumaparoon sa iyo: ang iyong mga anak na lalaki ay magmumula sa malayo, at ang iyong mga anak na babaye ay madadala sa mga kamay. **5** Kung magukgayo'y iyong makikita at mali-liwanagan ka, at ang iyong puso ay manginginig at lalaki; sapagka't ang kasaganaan ng dagat ay matabalik sa iyo, ang kayamanan ng mga nasyon ay darating sa iyo. **6** Tatakpan ka ng karamihan ng mga kamello, ng mga dromedario sa Madian at sa Bfa; mga mangagaling na lahat mula sa Saba: mga magdadala ng ginto at kamanyan, at magtanyag ng mga kapurihan ng PANGINOON. **7** Lahat ng kawan sa Kedar ay mapipisan sa iyo, ang mga lalaking tupa sa Nabayot ay mamamahala sa iyo: sila'y sasampa na may pagtanggap sa aking altar, at aking lulualhatian ang buhay ng aking kaulalhatian. **8** Sino ang mga ito na humilipad na parang alapaap, at parang mga kalapati sa kanilang mga dungawan? **9** Tunay na ang mga pulo ay magbihintay sa akin, at ang mga sasakyang-dagat sa Tarsis ay siyang maungunguna, upang dalhin ang iyong mga anak mula sa malayo, ang kanilang pilak at kanilang ginto na kasama nila, dahil sa pangalan ng PANGINOONG iyong Dios, at dahil sa Santo ng Israel, sapagka't kaniyang nilualhati ka. **10** At itatayo ng mga taga ibang lupa ang iyong mga kuta, at ang kanilang mga hari ay mamamahala sa iyo: sapagka't sa aking pag-iinit ay sinugatan kita, ngunit sa aking biyaya ay naawa ako sa iyo. **11** Ang iyo namang mga pintuang-daan ay mabubukas na lagi; hindi masasara sa araw o sa gabi man; upang ang mga tawo ay magdala sa iyo ng kayamanan ng mga nasyon, at ang kanilang mga hari ay mapapatnubayang kasama nila. **12** Sapagka't yaong nasyon at kaharian na hindi maglilingkod sa iyo ay mamamatay; oo, ang mga naciong yaon ay maliipol na lubos. **13** Ang kaulalhatian ng Libano ay darating sa iyo, ang puno ng abeto, ng olmo, at ng boj na magkaka-sama; upang pagandahin ang lugar ng

aking santuario, at aking gagawin ang lugar ng aking mga paa na malualhati. **14** At ang mga anak nila na napipighati sa iyo ay paroroon yuyuko sa iyo; at silang lahat na muwawalang kabuluhan sa iyo ay magpapatirapa sa mga talam-pakan ng iyong mga paa; at tatawagin kanilang: Ang ciudad ng PANGINOON, Ang Sion ng Santo ng Israel. **15** Sa paraang ikaw ay napabayaang at kinapootan, na ano pa't walang tawo na dumadaan sa iyo, gagawin kitang walang hangang kugulangan, na kagalakan ng maraming lahi. **16** Ikaw naman ay iinom ng gatas ng mga nasyon, at sususo sa mga suso ng mga hari: at iyong makikilala, na akong PANGINOON ay iyong tagapagligtas, at iyong mantunubos, na Makapangyarihan ng Jakob. **17** Sa lugar ng tanso ay magdadala ako ng ginto, at sa lugar ng bakal ay magdadala ako ng pilak, at sa lugar ng kahoy ay tanso, at sa lugar ng mga bato ay bakal: akin namang gagawin na mga iyong ofisial ang kapayapaan, at ang iyong mga maniningil ay kabanalan. **18** Karahasan ay hindi na maririnig sa iyong lupain, ang kawasakan o kabigaban man sa loob ng iyong mga hangganan; kungdi tatawagin mo ang iyong mga kuta na Kaligtasan, at ang iyong mga pintuang-daan na Kapurihan. **19** Ang araw ay hindi na magiging iyong liwanag sa araw; at ang buan ay hindi magbibigay ng liwanag sa iyo upang liwayway, kungdi ang PANGINOON ay magiging sa iyo ay walang hangang liwanag, at ang iyong Dios ay iyong kaulalhatian. **20** Ang iyong araw ay hindi na lulubog, o ang iyo mang buan ay lulubog: sapagka't ang PANGINOON ay magiging iyong walang hangang liwanag, at ang mga araw ng iyong pagtangis ay matatapos. **21** Ang iyong bayan naman ay magiging banal na lahat, sila'y magmamana ng lupain magpakailan man; ang sanaga ng aking pananim, ang gawa ng aking mga kamay, upang ako'y malualhati. **22** Ang munti ay magiging isang libo, at ang maliit ay magiging matibay na nasyon: akong PANGINOON ay magmamadali sa kapanahunan niya.

**61** Ang espiritu ng Panginoong Dios ay sumasa akin; sapagka't pinahiran ako ng PANGINOON upang mangaral ng mga mabuting balita sa masamo; kaniyang sinugo ako upang magtapal sa mga basag na puso, upang magtanyag ng kala-yaan sa mga bihag, at ng pagbubukas ng

bilangnan sa mga nabibilango; 2 upang magtanyag ng kalugodlugod na taon ng PANGINOON, at ng araw ng pagganti ng ating Dios; upang aliwin yaong lahat na tumatangis; 3 upang itakda sa kanila na tumatangis sa Sion, upang bigyan sila ng coronang bulaklak sa lugar ng mga abo, ng langis ng kagalakan sa lugar ng pagtanggap, ng damit ng kapurihan sa lugar ng espiritu ng kabigatan; upang sila'y matawag na mga punong kahoy ng kabanalan, na pananim ng PANGINOON upang siya'y malualhati. 4 At sila'y magtatayo ng mga dating sira, sila'y magbabangon ng mga dating giba, at kanilang huhusayin ang mga sirang ciudad, ang mga kagibaan ng maraming lahi. 5 At ang mga taga ibang lupa ay tatayo at magpapasabsab ng inyong mga kawan, at ang mga kasundo ay magiging inyong mga mangbubukid at mangunguvasan. 6 Nguni't kayo'y tatawagang mga sacerdote ng PANGINOON: tatawagin kayo ng mga tawo na mga tagapamahala ng ating Dios: kayo'y kakain ng kayamanan ng mga nasyon, at sa kanilang kalualhatian ay magmamapuri kayo. 7 Sa lugar ng inyong kabihyan ay magtatamo kayo ng higit na karangalan; at sa lugar ng pagkagulo ay magagalak sila sa kanilang bahagi: kaya't sa kanilang lupain ay magasari sila ng higit: walang hangang kagalakan ang mapapasa kanila. 8 Sapagka't akong PANGINOON ay umiibig ng kahalutulan, aking kinapopootan ang pagnanakaw sampuo ng kasaman; at aking ibibigay sa kanila ang kanilang kaganitihan sa katotohanan, at ako'y gagawa ng walang hangang tipan sa kanila. 9 At ang kanilang binhi ay makikilala sa gitna ng mga nasyon, at ang kanilang lahi sa gitna ng mga bayan: lahat na nakakakita sa kanila ay makakakilala sa kanila, na sila ang binhi na pinagpala ng PANGINOON.

10 Ako'y magagalak na mainam sa PANGINOON, ang aking kalulua ay magagalak sa aking Dios; sapagka't binihilisan niya ako ng mga damit ng kaligtasan, kaniyang tinakpan ako ng balabal ng kabanalan, gaya ng novio na nagsusunot ng coronang bulaklak, at gaya ng novia na naggagayak ng kaniyang mga hiyas. 11 Sapagka't kung paanong nagsisibol ng buko sa lupa, at kung paanong ang halaman ay nagsisibol ng mga bagay na natanim sa kaniya; gayon pasisibulin ng Panginoong Dios ang kaba-

nalang at kapurihan sa harap ng lahat na nasyon.

62 Dahil sa Sion ay hindi ako tatahimik, at dahil sa Jerusalem ay hindi ako magpapahinga, hangang sa ang kaniyang kabanalan ay lumabas na parang kakinangan, at ang kaniyang kaligtasan ay parang ilawan na nagpiningas. 2 At makikita ng mga nasyon ang iyong kabanalan, at ng lahat na hari ang inyong kalualhatian: at ikaw ay tatawagin sa bagong pangalan, na ipangangalan ng bibig ng PANGINOON. 3 Ikaw naman ay magiging korona ng kagandahan sa kamay ng PANGINOON, at diademang hari sa kamay ng iyong Dios. 4 Hindi ka na tatawagin pang Pinabayaan; hindi na rin tatawagin pa ang iyong lupain na Giba: kungdi ikaw ay tatawagang Hefziba, at ang iyong lupain ay Beula: sapagka't ang PANGINOON ay nalulugod sa iyo, at ang iyong lupain ay aariin. 5 Sapagka't kung paanong ang binata ay nag-aasawa sa dalaga, gayon mag-aasawa ang iyong mga anak na lalaki sa iyo: at kung paanong ang asawa ay nagagalak sa asawa, gayon magagalak ang Dios sa iyo.

6 Ako'y naglagay ng mga bantay sa iyong mga kuta, Oh Jerusalem; sila'y hindi tatahimik kailan man sa araw o sa gabi man: kayong mapag-alala sa PANGINOON huag kayong magpahinga, at huag ninyong bigyan siya ng kapahingahan, 7 hangang sa siya'y matatag, at hangang sa kaniyang gawing kapurihan sa lupa ang Jerusalem. 8 Ang PANGINOON ay sumumpa ng kaniyang kanang kamay, at ng brazo ng kaniyang kalakasan: Tunay na hindi na ako magbibigay ng iyong trigo na pinakapagkain sa iyong mga kaaway; at ang mga taga ibang lupa ay hindi iinom ng iyong alak, na iyong pinagpagalan: 9 kungdi silang nag-imbak noon ay kakain noon, at pupuri sa PANGINOON; at silang nagtipon noon ay iinom noon sa mga looban ng aking santuario.

10 Kayo'y dumaan, kayo'y dumaan sa mga pintuang-daang; inyong ihanda ang langganan ng bayan; inyong patagin, inyong patagin ang maluang na langganan; inyong pulutin ang mga bato, magtaas kayo ng bandila para sa mga bayan. 11 Narito, ang PANGINOON ay nagtanyag sa wakas ng lupa: Inyong sabihin sa anak na babaye ng Sion: Narito, ang iyong kaligtasan ay dumarating; narito, ang kaniyang kagantihan ay

nasa kaniya, at ang kaniyang ganti ay nasa harap niya. 12 At tatawagin nila silang: Ang santong bayan, Ang tinubos ng PANGNOON: At ikaw ay tatawaging: Hinanap, ciudad na hindi nalimutan.

**63** ¿Sino ito na nangagaling sa Edom, na may mga kasuotang tinina mula sa Bozra? ¿itong malualhati sa kaniyang suot, na lumalakad sa kalakhan ng kaniyang lakas? Ako na nagsasalita sa kabanalan, makapangyarihang magligtas. 2 ¿Bakit ikaw ay mapula sa iyong kasuotan, at ang iyong damit ay gaya niya na yumayapak sa kamalig ng alak? 3 Aking niyapakang mag-isa ang aliiisan ng alak, at sa mga bayan ay walang isa sa ganang akin: oo, aking niyapakan siya sa aking pagkagalit, at aking niyurakan sila sa aking pag-aalab ng loob; at ang kanilang dugo ng buhay ay pumilansik sa aking mga suot, at natina ang boong suot ko. 4 Sapagka't ang kaarawan ng panghihiganti ay nasa aking puso, at ang taon ng aking mga tinubos ay dumating. 5 At ako'y lumingap, at walang tumulong; at ako'y namangha na walang umalalay: kaya't iniligtas ako ng aking sariling kamay; at ang aking pag-aalab ng loob, umalalay sa akin. 6 At aking niyayapakan ang mga bayan sa aking pagkagalit, at mga ginawa kong lango sa aking pag-aalab ng loob, at aking ibinubo ang kanilang dugo ng buhay sa lupa.

7 Aking babangitin ang kagandahang loob ng PANGNOON, at ang mga kapurihan ng PANGNOON, ayon sa lahat na ipinagkalob ng PANGNOON sa atin; at ang malaking kabutihan na kaniyang ginawa sa bahay ng Israel, na kaniyang ginawa sa kanila ayon sa kaniyang mga kaawaan, at ayon sa karamihan ng kaniyang mga kagandahang-loob. 8 Sapagka't kaniyang sinabing: Tunay, sila'y aking bayan, mga anak na hindi gagawang may kasinungalingan: sa gayo'y siya'y naging kanilang tagapagligtas. 9 Sa lahat nilang pagkapighati ay napighati siya, at ang angel sa kaniyang harap ay nagligtas sa kanila: sa kaniyang pag-ibig at sa kaniyang pagkaawa ay tinubos niya sila; at kaniyang pinasan sila, at dinala silang lahat ng araw ng una. 10 Nguni't sila'y nanghimagsik, at bumigat ang kaniyang santong espiritu: kaya't siya'y nabalik na naging kanilang kaaway, at siya sa kaniyang sarili ay bumaka laban sa kanila. 11 Ng magkagayo'y inalala niya ang mga araw ng una, si Moises, at

ang kaniyang bayan, na sinabing: ¿Saan nandoon siya na nagsampa sa kanila mula sa dagat, na kasama ng mga pastor ng kaniyang kawan? ¿saan nandoon siya na naglalagay ng kaniyang santong espiritu sa loob nila? 12 ¿na napayson ng kaniyang malualhating kamay sa kanang kamay ni Moises? ¿na humati ng tubig sa harap nila, upang gumawa sa kaniyang sarili ng walang hangang pangalan? 13 ¿Na pumatnubay sa kanila sa kanila sa mga kalaliman, na parang isang kabayo sa ilang, upang sila'y huag matisod? 14 Kung paanong ang kawan na bumababa sa libis, mga pinagpapahinga ng espiritu ng PANGNOON; gayon mo pinatnubayan ang iyong bayan, upang gumawa ka sa iyong sarili ng malualhating pangalan. 15 Tumungo ka mula sa langit, at tumingin ka mula sa tahanan ng iyong kasantusan at ng iyong kalualhatian: ¿saan nandoon ang iyong sikap at ang iyong mga makapangyarihang gawa? ang usog ng iyong tiyan at ang iyong mga habag ay nabawasan sa akin. 16 Sapagka't ikaw ay aming ama, бага man hindi kami kinilala ni Abraham, at hindi kami kilala ng Israel: ikaw, Oh PANGNOON, ay aming ama; aming manunubos mula sa walang hangan ay siya mong pangalan. 17 Oh PANGNOON, ¿bakit mo kami iniligaw na inihawalay sa iyong mga langsgaan, at pinatigas mo ang aming puso na inihawalay sa takot sa iyo? Ikaw ay magbalik dahil sa iyong mga alipin, na mga angkan ng iyong mana. 18 Inari ng iyong santong bayang sandali lamang: niyapakan ng aming mga kaaway ang iyong santuario. 19 Kami ay naging gaya ng hindi mo mga pinagpunuan kailan man; gaya ng hindi mga natawag sa iyong pangalan.

**64** ¿Oh kung hinapak mo ang mga langit, na iyong ibinaba, na ang mga bundok ay humuhos sa iyong harap; 2 gaya ng kung nililaban ng apoy ang siltan, at ng kung pinakukulo ng apoy ang mga tubig: upang ipakilala ang iyong pangalan sa iyong mga kaaway, upang ang mga nasyon ay manginig sa iyong harap! 3 Ng ikaw ay gumaga ng mga kakilakilabot na bagay na hindi namib luhintay, ikaw ay bumaba, ang mga bundok ay humuhos sa iyong harap. 4 Sapagka't hindi narinig ng mga tawo mula ng una, o naulinigan man ng pakinig, o nakakita man ng Dios ang mata kundig ikaw lamang, na gumagawa para sa kaniya

na naghihintay sa kaniya. 5 Iyong sinasalubong siya na nagagalak at gumagawa ng kabanalan, yaong mga umalala sa iyo sa iyong mga lakad: narito, ikaw ay nag-init, at kami ay nagkasala: napasa mga yaon kaming malaong panahon, ¿at maliigtas ba kami? 6 Sapagka't kaming lahat ay naging parang marumi, at ang lahat naming mga kabanalan ay naging parang basahang nakasusuklam: at kaming lahat ay nalalantang parang dahon; at ang aming mga kasam-an, gaya ng hangin, tumangay sa amin. 7 At walang tumatawag ng iyong pangalan, na gumigising upang manghawak sa iyo: sapagka't ikunubli mo ang iyong mukha sa amin, at iyong pinugnaw kami sa aming mga kasam-an. 8 Nguni't ngayon, Oh PANGINOON, ikaw ay aming ama; kami ang putik; at ikaw ay magpapaliok sa amin; at kaming lahat ay gawa ng iyong kamay. 9 Huag kang mag-init na mainam, Oh PANGINOON, o umalala man ng kasam-an magpakailan man: narito, ikaw ay tumingin, isinasamo namin sa iyo, kaming lahat ay iyong bayan. 10 Ang iyong mga santong ciudad ay naging ilang, ang Sion ay naging ilang, ang Jerusalem ay kagibaan. 11 Ang aming santo at magandang bahay, na pinagpurihan sa iyo ng aming mga magulang ay nasunog sa apoy; at lahat naming maligayang bagay ay nagiba. 12 ¿Magpipigil ka ba dahil sa mga bagay na ito, Oh PANGINOON? ¿ikaw ba'y tatahimik at pipighatiin mo kaming mainam?

**65** Ako'y napagsiyasatan ng mga hindi nagtatanong sa akin; ako'y nasumpungan nila na hindi humahanap sa akin: Aking sinabing: Narito ako, narito ako, sa nasyon na hindi tinawag sa akin pangalan. 2 Aking iniunat ang aking mga kamay boong araw sa mapanghimagsik na bayan, na lumalakad sa langganan na hindi mabuti, ayon sa kanilang sariling mga pag-iisip; 3 bayan na mumunkahi sa akin, sa aking mukha na palagi, na nagtahayin sa mga halamanan, at nagsusunog ng kamayan sa ibabaw ng mga ladrillo; 4 na nauupo sa gitna ng mga libingan, at tumitigil sa mga lilim na lugar; na kumakain ng laman ng baboy, at sabaw ng mga kasuklamsuklam na mga bagay ay nasa kanilang mga sisidlan; na nagsasabing: 5 Humiwalay ka, huag kang lumapit sa akin, sapagka't ako'y lalong santo kay sa iyo: ang mga ito ay usok sa aking ilong, apoy na nagliliab boong araw. 6 Narito, nasulat sa harap ko: hindi ako tatahi-

mik, kungdi ako'y gaganti, oo, ako'y gaganti sa kanilang sinapupunan, 7 ang inyong sariling mga kasam-an, at ang mga kasam-an ng inyong mga magulang na magkakasama, sabi ng PANGINOON, na nagsunog ng kamayan sa mga bundok, at tumungayaw sa akin sa mga burol: kaya't aking susukatin ang kanilang unang gawa sa kanilang sinapupunan.

8 Ganito ang sabi ng PANGINOON: Kung paanong nasusumpungan ang bagong alak sa kumpol, at sinasabi ng isang: Huag mong gibain, sapagka't pagpapala ay nasa kaniya: gayon ang gagawin ko dahil sa aking mga alipin, upang huag kong malipol silang lahat. 9 At ako'y maglalabas ng binhi na mula sa Jakob, at mula sa Juda na isang tagapagmana ng aking mga bundok: at mamanahin ng aking pinili, at tahanan ng aking mga alipin. 10 At ang Saron ay magiging kulungan ng mga kawan, at ang libis ng Akor ay lugar na hiligan ng mga bakahan, dahil sa aking bayan na humanap sa akin. 11 Nguni't kayo, na nagpapabaya sa PANGINOON, na lumilimot ng aking santong bundok, na naghahanda ng dulang para sa Pagkakataon, at nagpupuno ng may halong alak sa Kapalaran; 12 aking ihahalal kayo sa tabak, at kayong lahat ay yuyuko sa patayan: sapagka't ng ako'y tumawag kayo'y hindi sumagot; ng ako'y magsalita, kayo'y hindi nakinig; kungdi inyong ginawa ang masama sa aking mga mata, at inyong pinili ang di ko kinaluluguran.

13 Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, ang aking mga alipin ay kakain, nguni't kayo'y magugutom: narito, ang aking mga alipin ay iinom, nguni't kayo'y mauuhaw: narito, magagalak ang aking mga alipin, nguni't kayo'y mapapahiya: 14 narito, ang aking mga alipin ay aawit dahil sa kagalakan ng puso, nguni't kayo'y dadaing dahil sa kapanlawan ng puso, at aangal dahil sa pagkadurog ng espiritu. 15 At inyong iwan ang inyong pangalan na pinakasumpa sa aking pili, at papatayin ka ng Panginoong Dios; at kaniyang tatawagin ang kaniyang mga alipin ng ibang pangalan: 16 na ano pa't siyang nagpapala sa lupa ay nagpapala sa Dios ng katotohanan; at siyang sumusumpa sa lupa ay susumpa sa pangalan ng Dios ng katotohanan; sapagka't ang mga dating kabagabagan ay nalimutan, at sapagka't mga nakubli sa aking mga mata. 17 Sa-

pagka't, narito, ako'y lumilikha ng mga bagong langit, at ng bagong lupa: at ang mga dating bagay ay hindi maaalala, o papasok man sa pag-iisip. **18** Nguni't kayo'y matua at magalak magpakailan man sa aking nililikha: sapagka't narito, aking nililikha ang Jerusalem na kagalakan, at ang kaniyang bayan na kaligayahan. **19** At ako'y magagalak sa Jerusalem, at maliligaya sa aking bayan: at ang tinig ng iyak ay hindi na maririnig pa sa kaniya, o ang tinig man ng hiyaw. **20** Hindi na magkakaroon mula ngayon ng mga sangol, o ng matanda man na hindi nalubos ang kaniyang mga araw: sapagka't ang bata ay mamamatay na may isang daang taong gulang, at ang makasalanan na may isang daang taon ang gulang ay susumpain. **21** At sila'y magtatayo ng mga bahay, at kanilang mga tahanan; at sila'y mag-uuyasan, at kakain ng bunga noon. **22** Sila'y hindi magtatayo at iba ang tatahan; sila'y hindi nagtatanim at iba ang kakain: sapagka't kung paano ang mga araw ng puno ng kahoy, ay magiging gayon ang mga araw ng aking bayan, at ang aking mga pili ay magagalak na malaon sa gawa ng kanilang mga kamay. **23** Sila'y hindi gagawa ng walang kabuluhan, o manganganak man na may takot; sapagka't sila ang binhi ng pinagpala ng PANGINOON, at ang kanilang lahi na kasama nila. **24** At mangyayari, na bago sila tumawag, sasagot ako; at samantalang sila'y nagsasalita, aking didingin. **25** Ang lobo at ang cordero ay sasabsab na magkasama, at ang leon ay kakain ng dayami na gaya ng baka: at alabok ang magiging pagkain ng ahas. Sila'y hindi sa-akit o gigiba man sa aking beong santong bandok, sabi ng PANGINOON.

**66** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Ang langit ay aking luklukan, at ang lupa ay aking tungtungan: ¿anong hichurang bahay ang inyong itatayo sa akin? at ¿anong lugar ang magiging aking pahingahan? **2** Sapagka't lahat ng bagay na ito ay nilikha ng aking kamay, at sa gayo'y nangyari ang lahat ng bagay na ito, sabi ng PANGINOON: nguni't sa tawong ito ay titingin ako, sa kaniya na dukha at may pagsisising espiritu, at nanginginig sa aking salita. **3** Siyang pumapatay ng baka ay parang pumapatay ng lalaki; siyang naghahayin ng anak ng tupa ay parang bumabali ng leeg ng aso; siyang naghahandog

ng alay ay parang naghahandog ng dugo ng baboy; siyang nagsusunog ng kamanyan ay parang nagpapapala sa isang idolo: oo, sila'y pumili ng kanilang sariling lakad, at ang kanilang kalulua ay nalulugod sa kanilang mga kasuklamsuklam; **4** akin namang pipiliin ang kanilang mga kamangmangan, at dadalhin ko sa kanila ang kanilang kinatatakutan, sapagka't pagka ako'y tumatawag, walang sumagot; pagka ako'y nagsasalita ay walang nakikinig; kungdi sila'y gumawa ng masama sa aking mga mata, at pinili ang hindi ko kinaluluguran.

**5** Inyong dingin ang salita ng PANGINOON, niyong nanginginig sa kaniyang salita: Ang inyong mga kapatid na napopoot sa inyo, na nagtakuil sa inyo dahil sa akin, nagsabing: Luualhatin ang PANGINOON, upang makita namin ang inyong kagalakan; nguni't sila'y mapapahiya. **6** Ang voces ng kagulo na mula sa ciudad, ang voces na mula sa templo, ang voces ng PANGINOON na nagbabayad ng kagantihan sa kaniyang mga kaaway. **7** Bago siya dumagdam, siya'y nanganak; bago dumating ang kaniyang sakit, siya'y nanganak ng isang lalaki. **8** ¿Sinong nakarinig ng ganiyang bagay? ¿sinong nakakita ng ganiyang mga bagay? ¿bubukal ba ang lupain sa isang araw? ¿lalabas bang paminsan ang isang nacion? sapagka't pagladamdang ng Sion, nanganak ng mga lalaki. **9** ¿Dadalhin ko ba sa kapananganan, at hindi ko panganganakin? sabi ng PANGINOON; ¿magsasara ba ako ng babaybata, akong nagpanganak? sabi ng inyong Dios.

**10** Kayo'y magalak na kasama ng Jerusalem, at matua dahil sa kaniya, kayong lahat na sumisinta sa kaniya: kayo'y magalak ng kagalakan na kasama niya, kayong lahat na tumatangis sa kaniya: **11** upang kayo'y makasuso at mabusog sa panamagitan ng mga suso ng kaniyang mga pangaliw; upang kayo'y makagatas, at maliw sa kasaganauan ng kaniyang kalualhatian. **12** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, ako'y mag-uunat ng kapayapaan sa kaniya na parang isang ilog, at ang kalualhatian ng mga nacion ay parang agos, na umaagos, at inyong sususuhin yoon; kayo'y kikilikin at lilibangin sa mga tuhod. **13** Kung paanong pag-alih ng ina sa isa, gayon aaliwin ko kayo; at kayo'y maaaliw sa Jerusalem. **14** At inyong makikita, at magagalak



ang inyong puso, at ang inyong mga buto ay mamumulaklak na parang malambot na damo: at ang kamay ng PANGINOON ay makikilala sa kaniyang mga alipin, at siya'y magagalit laban sa kaniyang mga kaaway. 15 Sapagka't, narito, ang PANGINOON ay darating na may apoy, at ang kaniyang mga karro ay magiging parang ipoiipo; upang ibayad ang kaniyang galit na may pag-aalab ng loob, at ang kaniyang saway na may ningas na apoy. 16 Sapagka't sa pamamag-itan ng apoy makikipag-usapin ang PANGINOON, at sa pamamag-itan ng kaniyang tabak, sa lahat ng laman: at ang patay ng PANGINOON ay magiging marami. 17 Silang nagpapakasanto, at nagpapakalinis na pumaparoon sa mga halamanan, sa likuran ng isa sa gitna, na kumakain ng laman ng baboy, at ng kasuklamsuklam, at ng daga; sila'y darating sa isang wakas na magkakasama, sabi ng PANGINOON. 18 Sapagka't kilala ko ang kanilang mga gawa at ang kanilang mga pag-iisip: ang panahon ay dumarating na aking pipisanin ang lahat na nasyon at mga dila; at sila'y paroroon, at makikita ang aking kaulalhatian. 19 At ako'y maglalagay ng tanda sa gitna nila, at aking susuguin ang mga nakataanan sa kanila sa mga nasyon, sa Tarsis, Pul at Lud, na humahawak ng bosog, sa Tubal at Javan, sa mga pulong malayo na hindi

nakarinig ng aking kabantugan, o nakakita man ng aking kaulalhatian; at sila'y maghahayag ng aking kaulalhatian sa gitna ng mga nasyon. 20 At kanilang dadalhin ang lahat ninyong mga kapatid mula sa lahat na nasyon na pinakahadog sa PANGINOON, na nasasakay sa mga kabayo, at sa mga karro, at sa mga duyan, at sa mga mula, at sa mga maliksing hayop, sa aking santong bundok na Jerusalem, sabi ng PANGINOON, gaya ng pagdadala ng mga anak ng Israel ng kanilang handog sa malinis na sisidlan sa bahay ng PANGINOON. 21 At sa kanila naman ako kukuha ng mga pinakasacerdote at mga pinaka Levita, sabi ng PANGINOON. 22 Sapagka't kung paanong ang mga bagong langit at ang bagong lupa, na aking lilikhain, mananatili sa harap ko, sabi ng PANGINOON, gayon mananatili ang inyong binhi at ang inyong pangalan. 23 At mangyayari, na mula sa bagong buan hangang sa panibago, at mula sa isang sabado hangang sa panibago, paroroon ang lahat na laman upang sumamba sa harap ko, sabi ng PANGINOON. 24 At sila'y lalabas, at titingin sa mga bankay ng mga lalaki na sumalangsang laban sa akin: sapagka't ang kanilang uod ay hindi mamamatay, o mamamatay man ang kanilang apoy; at sila'y magiging pinakapoot sa lahat ng laman.

## ANG LIBO NG PROFETA

# JEREMIAS.

1 Ang libro ni Jeremias na anak ni Helkias, isa sa mga sacerdote na nasa Anatot sa lupain ng Benjamin: 2 na dinatanganan ng salita ng PANGINOON sa mga araw ni Josias na anak ni Amon, na hari sa Juda, sa ikalabing tatlong taon ng kaniyang paghahari. 3 Dumating din ng kaarawan ni Joakim na anak ni Josias, hari sa Juda, sa wakas ng ikalabing isang taon ni Zedekias na anak ni Josias, hari sa Juda; hangang sa pagtatapon sa mga taga Jerusalem sa ikalimang buan.

4 Ang salita nga ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: 5 Bago kita hichurahan sa tiyan ay nakilala kita, at bago ka lumabas sa bahay-bata ay pinapagang santo kita; inihalal kitang profeta sa mga nasyon. 6 Ng magkagayo'y sinabi kong: ; Ah, Panginoong Dios! narito, hindi ako makapagsalita: sapagka't ako'y bata. 7 Ngunit sinabi sa akin ng PANGINOONG: Huag mong sabihing: Ako'y bata: sapagka't saan man kita susuguin ay ikaw ay paroroon, at saan man kita uutusan ay

magsasalita ka. **8** Huag kang matakot tungkol sa kanila: sapagka't ako'y sumasaiyo upang iligtas kita, sabi ng PANGINOON. **9** Ng magkagayo'y ininat ng PANGINOON ang kaniyang kamay, at hini-po ang aking bibig: at sinabi sa akin ng PANGINOONG: Narito, inilagay ko ang aking mga salita sa iyong bibig: **10** iyong tingnan, aking pinapagpuno kita sa araw na ito sa mga nasyon at sa mga kaharian, upang bumunot at magbagsak, at upang sumira at mag-wasak, upang magtayo at magtanin.

**11** Bukod dito ay dumating sa akin ang salita ng PANGINOON, na nagsabing: Jeremias, ¿anong nakikita mo? At aking sinabing: Ako'y nakakakita ng isang tungkod na puno ng almendro. **12** Ng magkagayo'y sinabi ng PANGINOON sa aking: Iyong nakikitang mabuti: sapagka't aking inaalalayan ang aking salita upang tuparin. **13** At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin na ikalawa, na nagsabing: ¿Ano ang iyong nakikita? At aking sinabing: Ako'y nakakakita ng isang paliok na kumukulo; at ang mukha noon ay mula sa hilagang. **14** Ng magkagayo'y sinabi ng PANGINOON sa aking: Mula sa hilagang ay lababas ang kasam-an sa lahat na mananahan sa lupain. **15** Sapagka't narito, aking tatawagin ang lahat na kamag-anakan ng mga kaharian sa hilagaan, sabi ng PANGINOON; at sila'y paroroon, at sila'y maglalagay bawag't isa ng kaniyang luklukan sa pasukan ng mga pintuang-daan ng Jerusalem, at laban sa lahat na kuta noon sa palibot, at laban sa lahat na ciudad ng Juda. **16** At aking sasalitain ang aking mga kahatulan laban sa kanila tungkol sa lahat nilang kasam-an; sa kanilang pagpapabaya sa akin, at nagsunog ng kamanyan sa ibang mga dios, at sumamba sa mga gawa ng kanilang sariling mga kamay. **17** Ikaw nga'y magbigkis ng iyong mga balakang, at ikaw ay bumangon, at salitain mo sa kanila ang lahat na inutos ko sa iyo: huag kang manlupaypay sa kanila, baka ikaw ay panglupaypayin ko sa harap nila. **18** Sapagka't, narito, ginawa kita sa araw na ito, na nakukutang ciudad, at pinakahaliging bakal at pinaka kutang tanso, laban sa boong lupain, laban sa mga hari sa Juda, laban sa mga pangulo noon, laban sa mga sacerdote noon, at laban sa bayan ng lupain. **19** At sila'y babaka laban sa iyo; ngunit hindi sila mananaig laban sa iyo: sapag-

ka't ako'y sumasaiyo, sabi ng PANGINOON, upang iligtas ka.

**2** At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **2** Ikaw ay yumaon at humiyaw sa mga pakinig ng Jerusalem, na iyong sabihing: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Inaalala ko sa ikabubuti mo ang kagandahang-loob ng iyong kabataan, ang pag-ibig sa iyong mga pag-aasawa; kung paanong ikaw ay sumunod sa akin sa ilang, sa lupain na hindi hinasakan. **3** Ang Israel ay kasantosan sa PANGINOON, na mga pangunang bunga ng kaniyang pakinabang: lahat na sumasakmal sa kaniya ay aaring salarin; kasam-an ay darating sa kanila, sabi ng PANGINOON.

**4** Inyong dingin ang salita ng PANGINOON, Oh bahay ng Jakob, at lahat na kamag-anakan ng bahay ng Israel: **5** ganito ang sabi ng PANGINOON: ¿Anong di kabanalan ang nasumpungan ng inyong mga magulang sa akin, na sila'y lumayo sa akin, at sumunod sa kawalang kabuluhan, at naging walang kabuluhan? **6** Hindi man nila sinabing: ¿Saan nandoon ang PANGINOON na nagsampa sa atin mula sa lupain ng Egipto; na pumatnubay sa atin sa ilang, sa mga lupaing ilang at mahukay, sa lupaing tuyo at lilim ng kamatayan, sa lupain na walang dumaraan at walang tawong tumatahan? **7** At dinala ko kayo sa saganang lupain, upang kumain ng bunga noon at ng kabutihan noon; ngunit ng kayo'y masok ay inyong inihawa ang aking lupain, at ginawa ninyong kasuklam-suklam ang aking mana. **8** Hindi sinasabi ng mga sacerdoteng: ¿Saan nandoon ang PANGINOON? at silang humahawak ng kautusan ay hindi ako nakilala: ang mga puno naman ay sumalangsang laban sa akin, at ang mga profeta ay nanghula sa panamag-itan ng Baal, at lumakad na sumunod sa mga bagay na hindi pinakinabangan. **9** Kaya't ako'y makikipag-usapin pa sa inyo, sabi ng PANGINOON, at sa mga anak ng inyong mga anak ay makikipag-usapin ako. **10** Kayo'y dumaman nga sa mga pulo ng Kitim, at kayo'y tumingin; at kayo'y magsugo sa Kedar, at magbulay na maingat; at inyong tingnan kung may nangyaring gani yang bagay. **11** ¿Ipinagpalit ba ng isang nasyon ang kanilang mga dios, na sa bagay ay hindi mga dios? ngunit ipinagpalit ng aking bayan ang kanilang

kalualhatian sa hindi pinakikinabangan. 12 Kayo'y matigilan, Oh kayong mga langit sa bagay na ito, at matakot ng kakilakilabot, magiba kayong mainam, sabi ng PANGINOON. 13 Sapagka't ang bayan ko ay nagkamit ng dalawang kasam-an; kanilang iniwan ako na bukal ng mga buhay na tubig, at humichura sa ganang kanila ng mga balon, na mga sirang balon, na hindi makapagpatigil ng tubig. 14 ¿Ang Israel ba'y alipin? ¿siya ba'y alipin ipinanganak sa bahay? ¿bakit siya'y naging huli? 15 Ang mga batang leon ay umuungal sa kaniya, at humiyaw: at ginawa nilang sira ang kaniyang lupain; ang kaniyang mga ciudad ay nasunog, na walang mananahan. 16 Binasag naman ng mga anak ng Nof at ng Tafnes ang bao ng iyong ulo. 17 ¿Hindi mo ba pinagsikapan ito sa iyong sarili, sa iyong paglimot sa PANGINOONG iyong Dios, ng kaniyang patnubayan ka sa daan? 18 At ngayo'y ¿anong ipakikialam mo sa daan na patungo sa Egipto, upang uminon ng mga tubig ng Sichor? o ¿anong ipakikialam mo sa daang patungo sa Asiria, upang uminon ng mga tubig ng Ilog? 19 Sasawayin ka ng iyong sariling kasam-an, at sasawayin ka ng iyong mga pagtalikod: talastasin mo nga at iyong tingnan na masamang bagay at mapait, na iyong pinabayaang ang PANGINOONG iyong Dios, at ang takot sa akin ay wala sa iyo, sabi ng Panginoon, ng PANGINOON ng mga hukbo. 20 Sapagka't ng unang panahon ay binali ko ang iyong pamatok, at nilagot ko ang iyong mga tali; at iyong sinabing: Hindi ako maglilingkod; sapagka't sa bawa't matayog na burol, at sa ilalim ng bawa't sariwang puno ng kahoy ay yumuko ka na naglaro ng pagdadalahira. 21 Gayon ma'y tinamaan kita ng mahal na puno ng uvas, na pawang mabuting binhi: ¿bakit nga ikaw ay naging bansot na ibang puno ng uvas sa akin? 22 Sapagka't бага man maghugas ka ng lihia, at magbuuton ka ng maraming sabon, gayon ma'y naguguhit sa harap ko ang iyong kasam-an, sabi ng Panginoon Dios. 23 ¿Paanong iyong masasabing: Hindi ako nagpakahawa, hindi ako yumaong sumunod sa mga Baal? tingnan mo ang iyong daan sa libis, talastasin mo kung ano ang iyong ginawa: ikaw na maliksing dromedario na dumadamba sa kaniyang mga lakad; 24 isang asnang bundok na sanay sa ilang na sumisingasing sa kaniyang nais; sa kaniyang taka-

onan: ¿sinong makapagliligaw sa kaniya? silang lahat na humahanap sa kaniya ay hindi mapapagod; sa kaniyang kabuanan masusumpungan siya. 25 Ingatan mo ang iyong paa sa paglakad na hubad, at ang iyong lalamunan sa pagkauhaw: nguni't iyong sinabing: Wala ng mangyayari: wala; sapagka't ako'y umibig sa mga taga ibang lupa, at sa kanila'y susunod ako. 26 Kung paanong ang magna-nakaw ay napapabiya pagka siya'y nahu-huli, gayon napapahiya ang bahay ng Israel; sila, ang kanilang mga hari, ang kanilang mga pangulo, at ang kanilang mga sacerdote, at ang kanilang mga profeta, 27 na nagsabi sa kahoy: Ikaw ay aking ama, at sa bato: Iyong ipinanganak ako: sapagka't kanilang ipinihit ang kanilang likod sa akin, at hindi ang kanilang mukha: nguni't sa panahon ng kanilang kabagabagan ay sasabihin nilang: Ikaw ay bumangon, at iligtas mo kami. 28 ¿Nguni't saan nandoon ang iyong mga dios na iyong ginawa sa iyo? bumangon sila, kung sila'y makapagliligtas sa iyo sa panahon ng iyong kabagabagan: sapagka't ayon sa bilang ng iyong mga ciudad ay siyang iyong mga dios, Oh Juda.

29 ¿Bakit kayo'y nakikipag-usapin sa akin? kayong lahat ay sumalangsang laban sa akin, sabi ng PANGINOON. 30 Sa walang kabuluhan pinarusahan ko ang inyong mga anak; sila'y hindi tuman-gap ng saway: nilamon ng inyong sariling tabak ang inyong mga profeta, na parang manlilipol na leon. 31 Oh, lahi, lingapin ninyo ang salita ng PANGINOON. ¿Naging ilang ba ako sa Israel? ¿o lupain ng salimuot na kadiliman? ¿Bakit nga sinasabi ng aking bayang: Kami ay nanghimagsik; hindi na kami paroroon pa sa iyo? 32 ¿Malilimutan ba ng dalaga ang kaniyang mga hiyas, o ng novia ang kaniyang kagayakan? gayon ma'y nilimot ako ng bayang ko sa mga araw na walang bilang. 33 ¿Bakit iyong pinagaganda ang iyong lakad upang humanap ng pag-ibig! kaya't pati ng mga masamang babaye ay iyong tinuruan ng iyong mga lakad. 34 Gayon din sa mga laylayan mo ay nakasumpung ng dugo ng mga kalulua ng dukhang walang sala: hindi ko nasumpungan sa lugar ng pagbubukas, kungdi sa lahat ng ito. 35 Gayon ma'y sinabi mong: Ako'y walang sala; tunay na ang kaniyang galit ay humiwalay sa akin. Narito, ako'y pa-

pasok sa kahatulan na kasama mo, sapagka't iyong sinasabing: Hindi ako nagkasala. **36** ? Bakit ikaw ay nagmamadali sa palibot upang bumago ng iyong lakad? ikaw ay mapapahiya naman sa Egipto na gaya ng iyong pagkapahiya sa Asiria. **37** Sa kaniya'y lalabas ka rin, na ang iyong mga kamay ay nakapatong sa iyong ulo: sapagka't itinakuil ng PANGINOON ang iyong mga pagkakatiwala, at hindi ka giginhawa sa kanila.

**3** Kanilang sinasabing: Kung inihihibalik mo ang kaniyang asawa, at linihiwalayan siya niya, at napapasa ibang lalaki, ? babalik pa ba uli ang lalaki sa kaniya? ? hindi ba lubos na nahawa ang lupain yon? Ngunit ikaw ay naglaro ng pagdadalahira sa maraming manligaw; gayon ma'y magbalik ka uli sa akin, sabi ng PANGINOON. **2** Imulat mo ang iyong mga mata sa mga hubad na kaitaan, at ikaw ay tumingin; ? saan hindi ka nahigan? Sa tabi ng mga langganan ay naghintay ka sa kanila, gaya ng taga Arabia sa ilang; at iyong inihawa ang lupain ng iyong mga pakikipid at ng iyong kasam-an. **3** Kaya't ang mga ulan ay napigil, at hindi nagkaroon ng huling ulan; gayon ma'y may neo ka ng isang dalahira, ikaw ay tumakuil na mapahiya. **4** ? Hindi ka ba dadaan mula sa panahong ito sa aking: Ama ko, ikaw ang patnubay ng aking kabataan? **5** ? Kaniya bang iingatan ang kaniyang galit magpakailan man? ? kaniya bang iingatan hangang sa kawakasan? Narito, ikaw ay nagsalita at gumawa ng mga masamang bagay, at nagtamo ka ng iyong lakad.

**6** Bukod dito'y sinabi sa akin ng PANGINOON sa kaarawan ni Josias na hari: ? Iyo bang nakita ang ginawa ng tumatalikod na Israel? siya'y yumaon sa bawa't matayog na bundok at sa ilalim ng bawa't sariwang puno ng kahoy, at doon naglaro siya ng pagdadalahira. **7** At aking sinabi pagkatapos na magawa niya ang lahat na mga bagay na ito: Siya'y magbabalik sa akin; ngunit hindi siya nagbalik: at nakita ng kaniyang magdarayang kapatid na Juda. **8** At aking nakita, ng, dahil dito sa kinamit na pangangalunya ng tumatalikod na Israel, akin siyang pinalayas at binigyan ko siya ng papel ng paghiliwalay, gayon ma'y hindi natakot ang kaniyang magdarayang kapatid na Juda; kungdi siya naman ay yumaon at naglaro ng pagdadalahira.

**6** At nangyari, sa kagaanan ng kaniyang pakikipid, na ang lupain ay nahawa, at siya'y nagtamo ng pangangalunya sa pamamagitan ng mga bato at ng mga kahoy. **10** At gayon ma'y sa lahat ng ito ay hindi nagbalik sa akin ang kaniyang magdarayang kapatid na Juda, ng kaniyang boong puso, kungdi pakumuari sabi ng PANGINOON. **11** At sinabi ng PANGINOON sa aking: Ang tumatalikod na Israel ay napakilala na higit na banal kay sa magdarayang Juda. **12** Ikaw ay yumaon, at itanyag mo ang mga salitang ito sa dakong hilagaan, at iyong sabihing: Ikaw ay bumalik, ikaw na tumalikod na Israel, sabi ng PANGINOON; hindi ako titinging galit sa inyo: sapagka't ako'y maawain, sabi ng PANGINOON, hindi ako mag-iingat ng galit na magpakailan man. **13** Kilalanin mo lamang ang iyong kasam-an, na ikaw ay sumalangsang sa PANGINOONG iyong Dios, at iyong ikinalat ang iyong mga lakad sa mga taga ibang lupa sa ilalim ng bawa't sariwang puno ng kahoy, at kayo'y hindi sumunod ng aking voces, sabi ng PANGINOON. **14** Kayo'y magbalik-loob, Oh tumatalikod na mga anak, sabi ng PANGINOON; sapagka't ako'y asawa sa inyo: at ako'y kukuha sa inyo ng isa sa isang ciudad, at ng dalawa sa isang kamag-anakan, at dadalhin ko kayo sa Sion: **15** at bibigyan ko kayo ng mga pastor ayon sa aking puso, na magpapakain sa inyo ng kaalaman at pagkakilala. **16** At mangyayari, pagka kayo'y dumami at lumago sa lupain sa mga araw na yaon, sabi ng PANGINOON, hindi na sila magsasabing: Ang kaban ng tipan ng PANGINOON; at hindi man papasok sa pag-iisip: at hindi man nila aalalahanin; at hindi man nila dadalawin; at hindi na mangyayari pa man. **17** Sa panahong yaon ay tatawagin nila ang Jerusalem na luklukan ng PANGINOON; at lahat ng nasyon ay mapipisan doon, sa pangalan ng PANGINOON, sa Jerusalem: hindi na rin lalakad pa man sila ng ayon sa katigasan ng kanilang masamang puso. **18** Sa mga araw na yaon ay lalakad ang Juda na kasama ng bahay ng Israel, at sila'y mangagaling na magkasama sa lupain ng hilagaan sa lupain na ibinigay kong pinakamana sa inyong mga magulang. **19** Ngunit aking sinabing: ? Paarong ilalagay kita sa gitna ng mga anak, at bibigyan kita ng masayang lupain, ng mainam na mana ng mga hukbo ng mga nasyon? at aking sinabing: Inyong

tatawagin akong: Ama ko; at hindi na hihiwalay pa ng pagsunod sa akin. **20** Tunay na kung paano ang babaye ay humihiwalay na may daya sa kaniyang asawa, gayon kayo gumawang may karaan sa akin, Oh bahay ng Israel, sabi ng PANGINOON. **21** Isang voces ay narinig sa mga hubad na kaitaasan, ang iyak at ang pamanhik ng mga anak ng Israel; sapagka't kanilang pinasasama ang kanilang lakad, kanilang nilimot ang PANGINOONG kanilang Dios. **22** Kayo'y magbalik-loob, kayong tumatalikod na mga anak, aking gagamutin ang inyong mga pagtalikod. Narito, kami ay naparito sa iyo; sapagka't ikaw ay PANGINOONG aming Dios. **23** Tunay na walang kabuluhan ang *tulong* ng mga burol, ang kagulo sa mga bundok: tunay na nasa PANGINOONG aming Dios ang kaligtasan ng Israel. **24** Nguni't nilamon ng nakahihiyang bagay ang gawa ng aming magulang na mula sa aming kabataan; ang kanilang mga kawan at ang kanilang mga bakahan, ang kanilang mga anak na lalaki at babaye. **25** Tayo'y humiga sa ating kahihiyang, at takpan tayo ng ating kalituhan: sapagka't tayo'y nagkasala laban sa PANGINOONG ating Dios, tayo at ang ating mga magulang, mula sa ating kabataan hangang sa araw na ito: at hindi tayo nakinig sa voces ng PANGINOONG ating Dios.

**4** Kung ikaw ay babalik Oh Israel, sabi ng PANGINOON, sa akin babalik ka: at kung iyong aalisin ang iyong mga kasuklamsuklam sa aking paningin, hindi ka nga makikilos; **2** at ikaw ay susumpang: Buhay ang PANGINOON, sa katotohanan, sa kahatulan, at sa kabanalan; at ang mga nasyon ay sa kaniya magpapala, at saa kaniya lulualhati sila.

**3** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON, sa mga tawo ng Juda at ng Jerusalem: Inyong bunkalin ang inyong nabasal na lupa, at huag ninyong hasikan sa gitna ng mga tinik. **4** Magtuli kayo sa PANGINOON, at inyong alisin ang mga busisi ng inyong puso, ninyong mga tawo ng Juda at mga manananahan sa Jerusalem: baka ang aking pag-aalab ng loob ay lumabas na parang apoy, at magningas na walang makapatay, dahil sa kasam-an ng inyong mga gawa. **5** Ihayag ninyo sa Juda, at ibalita ninyo sa Jerusalem; at inyong sabihing: Inyong hipan ang pakakak sa lupain: humiyaw kayo ng malakas, at inyong sabihing: Magpipisan kayo, at tayo'y masuk sa mga ciudad na

nababakuran. **6** Kayo'y magtaas ng bandila sa dako ng Sion: kayo'y tumakas dahil sa pagligtas, huag kayong tumigil: sapagka't ako'y magdadala ng kasam-an mula sa hilagaan, at ng malaking kagibaan. **7** Ang isang leon ay sumampa mula sa kaniyang kagubatan, at ang mangigiba ng mga nacton; siya'y nasa kaniyang paglakad, siya'y lumabas mula sa kaniyang lugar; upang gawing giba ang iyong lupain, upang ang iyong mga ciudad ay malagay na sira na walang mananahan. **8** Dahil dito ay magbigkis kayo ng kayong magaspang, kayo'y managhoy at umangal: sapagka't ang mabangis na galit ng PANGINOON ay hindi humihiwalay sa atin. **9** At mangyayari, sa araw na yaon, sabi ng PANGINOON, na ang puso ng hari ay mawawalan ng diwa at ang puso ng mga pangulo; at ang mga sacerdote ay matitigilan, at ang mga profeta ay mamamangha. **10** Ng magkagayo'y sinabi kong: ¡Ah Panginoong Dios! tunay na iyong dinayang mainam ang bayang ito at ang Jerusalem, na iyong sinabing: Kayo'y magkakaroon ng kapayapaan; sa baga'y ang tabak ay umaabot sa kalulua. **11** Sa panahong yaon ay sasabihin sa bayang ito at sa Jerusalem: Isang mainit na hangin na mula sa mga hubad na kaitaasan sa ilang ay dumating sa anak ng aking bayan, hindi upang magpahangin, o maglinis man; **12** isang malakas na hangin na mula sa mga ito ay darating sa ganang akin: ngayo'y magasalita naman ako ng mga kahatulan laban sa kanila. **13** Narito, siya'y pailanglang na gaya ng mga alapaap, at ang kaniyang mga karro ay magiging gaya ng ipoipo; ang kaniyang mga kabayo ay lalong matulin kay sa mga agula. ¡Sa aba natim! sapagka't tayo'y nasamsaman. **14** Oh Jerusalem, hugasan mo ang iyong puso sa kasam-an, upang ikaw ay maligtas. ¡Hangang kailan titigil sa loob mo ang iyong mga masamang pag-iisip? **15** Sapagka't isang voces ay naghabayag mula sa Dan, at nagbabalita ng kasam-an mula sa mga burol ng Efraim: **16** inyong bangitin sa mga nasyon; narito, inyong ibalita laban sa Jerusalem, na ang mga bantay ay nangagaling sa malayong lupain, at ihiyaw nila ang kanilang voces laban sa mga ciudad ng Juda. **17** Gaya ng mga bantay sa parang sila, laban sa kaniya sa palibot; sapagka't siya'y naging mapanghimagsik laban sa akin; sabi ng PANGINOON. **18** Ang iyong

lakad at ang iyong mga gawa ay nagsikap ng mga bagay na ito sa iyo; ito ang iyong kasam-an; sapagka't mampait, sapagka't umaabot hangang sa iyong puso.

19 | Tiyan ko, tiyan ko! Ako'y nagdarindam sa aking puso; ang puso ko ay tumitibok, hindi ako makatahimik; sapagka't iyong narinig, Oh kalulua ko, ang tunog ng pakakak, ang kaingay sa pagbabaka. 20 Kagibaan at kagibaan ang inihihiyaw; sapagka't ang boong lupain ay nasamsaman: biglang nasamsam ang aking mga dampa, at ang aking mga tabing sa isang sandali. 21 | Gaanong kalaon makikita ko ang bandila, at maririnig ang tunog ng pakakak? 22 Sapagka't ang bayan ko ay hangal, hindi nila ako nakikilala; sila'y mga mangmang na anak, at sila'y walang kaalaman: sila'y pantas sa paggawa ng masama, nguni't sa paggawa ng mabuti ay wala silang kaalaman.

23 Aking minasdan ang lupa, at, narito, sira at basal; at ang mga langit at mga walang liwanag. 24 Aking minasdan ang mga bundok, at, narito, mga naninginigin, at ang lahat na burol ay umiindayog. 25 Ako'y nagmasid, at, narito, walang tawo, at lahat ng ibon sa himpapawid ay tumakas. 26 Ako'y nagmasid, at, narito, ang mabunġang parang ay ilang, at lahat ng ciudad noon ay nabagsak sa harap ng PANĠNOON, at sa harap ng kaniyang mabangis na galit. 27 Sapagka't ganito ang sabi ng PANĠNOON: Ang boong lupain ay magiging kagibaan; gayon ma'y hindi ako gagawa ng lubos na kawakasan. 28 Dahil dito ay tatangis ang lupa, at ang mga langit sa itaas ay magiging maitim: sapagka't aking sinalita, aking ipinasiya, at hindi ako nagsisi, o akin mang hihiwalayan. 29 Ang boong ciudad ay tumatakas dahil sa hugong ng mga mangangabayo at ng mga mamamana; sila'y nasok sa mga kagubatac, at nag-ukyabit sa mga bato; bawa't ciudad ay nalimutan, at walang tawo na tumatahan doon. 30 At ikaw, pagka ikaw ay nasamsaman, anong iyong gagawin? Baga man ikaw ay nananamit ng kundiman, baga man ikaw ay gumagayak ng mga kagayakang ginto, baga man iyong pinalalaki ang iyong mga mata ng pinta, sa walang kabuluhan nagpapakaganda ka; niwawalang kabuluhan ka ng mga manligaw sa iyo, pinagsisikapin nila ang iyong buhay. 31 Sapagka't ako'y nakarinig ng voces ng gaya ng sa babayeng nagdaramdam, ng daing ng gaya ng sa nanganganak

sa pangnanay, ng voces ng anak na babaye ng Sion, na naghibingalo, na nag-uumat ng kaniyang mga kamay, na nagsasabing: !Saba ko ngayon! sapagka't ang kalulua ko ay nanlulupaypay sa harap ng mga mamamatay-tawo.

5 Kayo'y tumakbong paroo't parito sa mga langganan ng Jerusalem, at tumingin ngayon, at kumilala, at humanap sa mga lual na lugar noon, kung kayo'y makakasumpung ng tawo, kung may sino man na gumagawa ng katuiran, na humanap ng katotohanan; at aking patatawarin siya. 2 At baga man kanilang sinasabing: Buhay ang PANĠNOON; tunay na sila'y sumusumpa na may kasi-nungalingan. 3 Oh PANĠNOON, hindi ba tumitingin ang iyong mga mata sa katotohanan? iyong hinampas sila, nguni't hindi sila nagdamdami; iyong pinugnaw sila, nguni't sila'y tumanging tumangap ng saway: kanilang pinatigas ang kanilang mukha na higit kay sa bato; sila'y tumanging bumalik. 4 Ng magkagayo'y sinabi kong: Tunay na ang mga ito ay dukha: sila'y mga hangal; sapagka't hindi sila naka-kaalam ng daan ng PANĠNOON, o ng kahatulan ng kanilang Dios: 5 ako'y paroroon sa mga malaking tawo, at mag-sasalita sa kanila; sapagka't kanilang nalalaman ang daan ng PANĠNOON, at ang kahatulan ng kanilang Dios. Nguni't ang mga ito ay nagkaisang bumali ng pamatok at lumagot ng mga panali. 6 Kaya't papatayan sila ng leon na mula sa gubat, sasamayan sila ng lobo sa mga ilang, babantayan ang kanilang mga ciudad ng leopardo, lahat na lumabas doon ay malalapa: sapagka't ang kanilang mga pagsalangsang ay dumami, at ang kanilang mga pagtalikod ay lumago. 7 | Paanong mapatawad kita? kinalimutan ako ng iyong mga anak at sumumpa sa pamamagitan nila na hindi mga dios: ng sila'y aking mapakain hangang sa mabusog, sila'y nagkamit ng pangangalunya at nagpipisan na hukbo sa mga bahay ng mga dalahira. 8 Sila'y parang mga kabayong pinakain sa umaga: bawa't isa'y humuhuni sa asawa ng kaniyang kapua. 9 | Hindi ba ako dadalaw ng dahil sa mga bagay na ito? sabi ng PANĠNOON: at hindi ba gaganti ang kalulua ko sa isang ganiyang nacion na gaya nito?

10 Sampahin ninyo ang kaniyang mga kuta, at inyong gibain; nguni't huag kayong gumawa ng lubos na kawakasan:

alisin ninyo ang kaniyang mga sangá: sapagka't sila'y hindi sa PANGINOON.

11 Sapagka't ang bahay ng Israel at ang bahay ng Juda ay gumawang may karayaan laban sa akin, sabi ng PANGINOON.

12 Kanilang ikinaila ang PANGINOON, at sinabing: Hindi siya; hindi man darating sa atin ang kasam-an; hindi man tayo makakakita ng tabak o ng kagutom man:

13 at ang mga profeta ay magiging hangin, at ang salita ay wala sa kanila: ganito ang gagawin sa kanila.

14 Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng mga hukbo: Sapagka't inyong sinasalita ang salitang ito, narito, gagawin ko, na ang aking mga salita sa inyong bibig ay maging apoy, at ang bayang ito ay kahoy, at mga pupugnawin noon.

15 Narito, ako'y magdadala ng nasyon sa inyo na mula sa malayo, Oh bahay ng Israel, sabi ng PANGINOON: isang makapangyarihang nasyon, isang matandang nasyon, isang nasyon na ang wika ay hindi mo nalalaman, o nababatid mo man kung ano ang kanilang sinasabi.

16 Ang kanilang lalagyan ng pana ay bukas na libingan, silang lahat ay makapangyarihang lalaki.

17 At kakanin nila ang iyong ani at ang iyong tinapay, na kakanin ng iyong mga anak na lalaki at babaye: kanilang kakanin ang iyong mga kawan at ang iyong mga bakahan: kanilang kakanin ang iyong mga puno ng uvas at ang iyong mga puno ng higos: kanilang ibabagsak ang iyong mga ciudad na nababakuran, na iyong inaasahan, sa pamamag-itan ng tabak.

18 Ngunit sa mga araw mang yaon, sabi ng PANGINOON, hindi ako gagawa ng lubos na wakas sa inyo.

19 At mangyayari, pagka inyong sasabihing: Bakit ginawa ng PANGINOON ating Dios ang lahat na mga bagay na ito sa atin? kung magkagayo'y sasabihin mo sa kanilang: Kung paanong inyong nilimot ako, at naglingkod kayo sa mga ibang dios sa inyong lupain, gayon kayo maglilingkod sa mga taga ibang lupa sa isang lupain na hindi inyo.

20 Inyong ihayag ito sa bahay ng Jakob, at inyong ibalita sa Juda, na inyong sabihing:

21 Inyong dingin ngayon ito, Oh hangal na bayan, at salat sa kaalaman; na may mga mata, at hindi nakakakita; na may mga pakinig, at hindi nakakarinig: 22 Hindi ba kayo natatakot sa akin? sabi ng PANGINOON: Hindi ba kayo manginginig sa aking harap, na naglagay ng buhangin na pina-

kahanganan ng dagat, na pinakawalang hangang pasiya, na hindi mapapawi? at baga man mag-inalon ang kaniyang mga alon, hindi rin manansig; baga man sila'y humuhugon, hindi rin sila makaraan.

23 Ngunit ang bayang ito ay may magulo at mapanghinagsik na puso; sila'y nangulo at yumaon.

24 Hindi man nila sinasabi sa kanilang pusong: Matakot tayo ngayon sa PANGINOON ating Dios, na nagbibigay ng ulan; ng maaga at gayon din ng tanghali, sa kaniyang kapanahunan; na itinataan sa atin ang mga takdang sanlingo ng mga pag-aani.

25 Ang inyong mga kasam-an ang naghiwalay ng mga bagay na ito, at ang inyong mga kasalaan ang pumigil sa inyo ng kabutihan.

26 Sapagka't sa gitna ng aking bayan ay nakakasumpung ng mga masamang tawo: sila'y bumabantay, gaya ng pagbantay ng mga mamimitag; sila'y naglalagay ng silo, sila'y humuhuli ng mga lalaki.

27 Kung paanong ang kulungan ay puno ng mga ibon, gayon ang kanilang mga bahay puno ng karayaan: kaya't sila'y naging malaki at yumayaman.

28 Sila'y tumatala, sila'y sumisilang: oo, sila'y humihigit sa mga gawa ng kasam-an: hindi nila ipinakikipaglaban ang usap, ang usap ng ulid, upang sila'y guminhawa; at ang matuid ng magkailangan ay hindi nila hinahatulan.

29 Hindi ba ako dadalaw ng dahil sa mga bagay na ito? sabi ng PANGINOON: Hindi ba gaganti ang aking kalulua sa ganiyang nacióng gaya nito?

30 Isang kamanghamangha at kakilalabot na bagay ay nangyayari sa lupain; 31 ang mga profeta ay nanghuhula ng kasintungalingan; at ang mga sacerdote ay nagpupuno sa pamamag-itan ng kanilang mga kamay; at iniibig ng aking bayan na magkagayon: at ano ang inyong gagawin sa wakas noon?

6 Kayo'y tumakas na lumigtas, kayong mga anak ng Benjamin, mula sa gitna ng Jerusalem, at kayo'y humihip ng pakakak sa Tekoa, at magtaas ng tanda sa Bet-hakarem: sapagka't ang kasam-an ay natatanaw sa hilagaan, at isang malaking kagibaan.

2 Ang maganda at maayos na babaye, ang anak na babaye ng Sion, ihihwalay ko.

3 Mga pastor na kasama ng kanilang mga kawan ay paroon sa kaniya; kanilang itatayo ang kanilang mga dampa laban sa kaniya sa palibot; sila'y magpapasabsab bawa't isa

sa kaniyang lugar. 4 Maghanda kayo ng pagbabaka laban sa kaniya; kayo'y bumangon, at tayo'y sumampa sa katanghaliang tapat! Sa aba natin! sapagka't ang araw ay kumikiling, sapagka't ang mga lilim ng paggabi ay nangangalat. 5 Kayo'y bumangon, at tayo'y sumampa sa kinagabihan, at ating gibain ang kaniyang mga palacio. 6 Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Kayo'y pumutol ng mga punong kahoy at magtayo kayo ng bunton laban sa Jerusalem: ito ang ciudad na marapat dalawin; siya'y lubos na kapighatian sa gitna niya. 7 Kung paanong ang isang bukag ay nagbubuga ng kaniyang mga tubig, gayon siya magbubuga ng kaniyang kasam-an: pangdadabas at pananamsam ay naririnig sa kaniya; sa harap ko ay palaging sakit at mga sugat. 8 Maaaralan ka, Oh Jerusalem, baka ang aking kaluluha ay humiwalay sa iyo; baka ikaw ay gawin kong kagibaan, lupaing hindi tinatahanan.

9 Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Kanilang lubos na lilipulin ang labis ng Israel na gaya ng puno ng uvas: idukot mo uli ang iyong kamay na parang mamimitas ng uvas sa mga buslo. 10 Kanino ako magsasalita at magpapatoto, upang kanilang marinig? narito, ang kanilang pakinig ay hindi tuli, at hindi mga makapakinig: narito, ang salita ng PANGINOON ay naging kadustaan sa kanila; sila'y walang kaluguran sa kaniya. 11 Kaya't ako'y puno ng pag-aalab ng loob ng PANGINOON; ako'y pagod na ng pagpipigil ko sa akin: ibuhos sa mga bata sa langganan, at sa kapisanan ng mga binata na magkakasama: sapagka't pati ng lalaki sampuo ng asawa ay mahuhuli, ang matanda sampuo niya na puspos ng mga araw. 12 At ang kanilang mga bahay ay mallipat sa mga iba, ang kanilang mga parang at ang kanilang mga asawa na magkakasama: sapagka't iunat ko ang aking kamay sa mga mananahan sa lupain, sabi ng PANGINOON. 13 Sapagka't mula sa kaliit-liitan nila hangang sa kalakilakihan nila, bawa't isa ay bigay sa kasakiman, at mula sa profeta hangang sa sacerdote bawa't isa'y gumagawang may kasinungalingan. 14 Kaniyang ginamot namang magaan ang sugat ng aking bayan, na sinabing: Kapayapaan, kapayapaan; sa baging ay walang kapayapaan. 15 Nalilihiya ba sila kung sila'y nagkakamit ng kasu-

klamsuklam? hindi, sila'y hindi nahilihiya sa ano man, o sila man ay nakutya: kaya't sila'y mabubual sa gitna ng mga nabubual: sa panahon na aking dadalawin sila ay mabubulagta sila, sabi ng PANGINOON.

16 Ganito ang sabi ng PANGINOON: Kayo'y tumayo sa mga daan at tumingin kayo, at magtanong kayo ng dating landas, kung saan nandoon ang mabuting daan, at lumakad doon, at kayo'y makakasumpung ng kapahingahan sa inyong kaluluha: nguni't kanilang sinabing: Hindi kami lalakad doon, 17 At ako'y naglagay ng mga lantay sa inyo, na sinabing: Inyong dingin ang tunog ng pakakak: nguni't kanilang sinabing: Hindi kami didinig. 18 Kaya't inyong dingin, ninyong mga nacion; at inyong talastasin, Oh kapulungan, kung ano ang nasa gitna nila. 19 Iyong dingin, Oh lupa: narito, ako'y magdadala ng kasam-an sa bayang ito, na bunga ng kanilang mga pag-iisip, sapagka't sila'y hindi nakinig ng aking mga salita; at tungkol sa aking kautusan ay kanilang itinakuil. 20 Sa anong akala nagdadala kayo sa akin ng kamanayan na mula sa Saba, at ng mabangong kawayan na mula sa malayong lupain? ang inyong mga handog na susumugin ay hindi nakalugod, o ang inyo mang mga hayin ay nakalugod sa akin. 21 Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, ako'y maglalagay ng katitisan sa umahan ng bayang ito: at ang mga magulang at ang mga anak ay magkakasawang matitisod doon; ang kapua at ang kaniyang kaibigan ay mamamatay.

22 Ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, ang isang bayan ay nagmumula sa hilagaang lupain; at isang malaking nacion ay gigingi mula sa mga kahulihuliang bahagi ng lupa. 23 Sila'y humahawak ng besog at ng sibat: sila'y mabagsik at walang babag; ang kanilang vices ay humuhugong na parang dagat, at sila'y sumasakay sa mga kabayo; bawa't isa ay humahanay, na parang isang lalaki na pakikipangbaka, laban sa iyo, Oh anak na babaye ng Sion. 24 Aming narinig ang kabantugan noon; ang aming mga kamay ay humihina: kalungkutan ay humawak sa amin, at sakit na gaya ng isang babaye sa pagdaramdam. 25 Huag kang lumabas sa parang, o lumakad man sa daan; sapagka't may tabak ng kaaway at kakilabutan sa labat ng dako. 26 Oh anak na babaye ng



aking bayan, magbigkis ka ng kayong magaspang, at gumumon ka sa abo: tumangis ka, gaya ng sa bugton na anak, ng kapaitpaitang panaghoy; sapagka't ang mananamsam ay biglang darating sa atin. **27** Aking iginawa kita ng isang moog at ng katibayan sa gitna ng aking bayan; upang iyong malaman at matikman ang kanilang lakad. **28** Silang lahat ay manghihimsik na mainam, na yuma-yaon sa palibot na naghahatid dumapit; sila'y tanso at bakal: silang lahat ay gumagawang may kapahamakan. **29** Ang panghihip ay humihihip na mabangis; ang tinga'y natutunaw sa apoy: sa walong kabuluhan dumadalisay sila; sapagka't ang masama ay hindi nabunct. **30** Mga tatawaging pilak na itinakuil, sapagka't mga itinakuil ng PANGINOON.

**7** Ang salita na dumating kay Jeremias mula sa PANGINOON na nagsabing: **2** Ikaw ay tumayo sa pintuang-daan ng bahay ng PANGINOON, at itanyag mo doon ang salitang ito, at inyong sabihing: Inyong dingin ang salita ng PANGINOON, ninyong lahat na sa Juda, na pumapasok sa mga pintuang-daang ito upang sumamba sa PANGINOON. **3** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Inyong pabutihin ang inyong mga lakad at ang inyong mga gawa, at akin kayong patatahanin sa lugar na ito. **4** Huag kayong umasa sa mga sinungaling na salita, na nagsasabing: Ang templo ng PANGINOON, ang templo ng PANGINOON, ang templo ng PANGINOON ay ang mga ito. **5** Sapagka't kung inyong lubos na pabubutihin ang inyong mga lakad at ang inyong mga gawa; kung kayo'y lubos na gagawa ng kahalutalan sa isang tawo at sa kaniyang kapua; **6** kung hindi kayo pipighati ng taga ibang lupa, ng ulila, at ng babayang bao, at hindi magbububo ng walang salang dugo sa lugar na ito, o susunod man sa ibang mga dios sa inyong sariling kapahamakan: **7** kung magkagayo'y patatahanin ko kayo sa lugar na ito, sa lupain na ibinigay ko sa inyong mga magulang, mula ng una hangang sa walong hangang. **8** Narito, kayo'y umaasa sa mga kabulaanang salita, na hindi mapapakinabangan. **9** Kayo ba'y magnanakaw, papatay, at mangangalunya, at susumpa ng kabulaanan, at magsusunog ng kamanyan kay Baal, at lalakad na susunod sa ibang mga dios na hindi ninyo pakilala, **10** at pari-

rito at tatayo sa harap ko sa bahay na ito, na tinatawag sa aking pangalan, at magsasabing: Kami ay laya; upang inyong gawin ang lahat na mga kasuklam-suklam na ito? **11** Ang bahay bang ito na tinatawag sa aking pangalan, naging yungib ng mga magnanakaw sa inyong mga mata? Narito, ako, ako nakakita, sabi ng PANGINOON. **12** Nguni't paroon kayo ngayon sa aking lugar na nasa Silo, na siyang aking pinagpatahanan ng aking pangalan ng una, at iyong tingnan kung ano ang aking ginawa dahil sa kasaman ng aking bayang Israel. **13** At ngayon, sapagka't inyong ginawa ang lahat ng gawang ito, sabi ng PANGINOON, at nagsalita ako sa inyo, na ako'y bumangong maaga at nagsalita, nguni't hindi ninyo dininig; at aking tinawag kayo, nguni't hindi kayo sumagot: **14** kaya't gagawin ko sa bahay na tinatawag sa aking pangalan, na inyong inaasahan, at sa lugar na ibinigay ko sa inyo at sa inyong mga magulang, gaya ng aking ginawa sa Silo. **15** At akin kayong itatakuil sa aking paningin, gaya ng pagkatakuil ko sa lahat ninyong mga kapatid, sa boong binhi ng Efraim.

**16** Kaya't huag mong idalangin ang bayang ito, o ipagtaas mo man ng daing o ng dalangin man siya, o gumawa ka man ng pamamag-itan sa akin: sapagka't hindi kita didingin. **17** Hindi mo ba nakikita kung ano ang kanilang ginagawa sa ciudad ng Juda at sa mga langsaangan ng Jerusalem? **18** Ang mga anak ay namumulot ng kahoy, at ang mga ama ay nagpapaningas ng apoy, at ang mga babaye ay nagmamasa ng pasta, upang igawa ng mga mamon ang reina ng langit, at upang magbuhos ng mga handog na inumin sa ibang mga dios, upang kanilang mamungkahi ako sa galit. **19** Kanila ba akong minumungkahi sa galit? sabi ng PANGINOON; hindi ba sila namumungkahi sa kanilang sarili sa kalituhan ng kanilang sariling mga mukha? **20** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, ang aking galit at ang aking pag-aalab ng loob ay mabubuhos sa lugar na ito, sa tawo, at sa hayop, at sa mga punong kahoy sa parang, at sa bunga ng lupa; at mag-niningas, at hindi mapapatay.

**21** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Inyong idagdag ang inyong mga handog na susunugin sa inyong mga hayin, at

kumain kayo ng laman. **22** Sapagka't hindi ako nagsalita sa inyong mga magulang, o nag-utos man sa kanila sa araw na inilabas ko sila sa lupain ng Egipto, tungkol sa mga handog na susunugin, o sa mga hayin: **23** Kungli ang bagay na ito ay iniutos ko sa kanila, na aking sinabing: Inyong dingin ang aking voces, at ako'y magiging inyong Dios, at kayo'y magiging aking bayan: at lumakad kayo sa lahat ng daan na iniutos ko sa inyo, na ikabubuti ninyo. **24** Ngunit hindi nila dininig, o ikiniling man ang kanilang pakinig, kungdi lumakad sa kanilang sariling mga payo at sa katigasan ng kanilang masamang puso, at yumaong paurong at hindi pasulong. **25** Mula ng araw na ang inyong mga magulang ay lumabas sa lupain ng Egipto hangang sa araw na ito, aking sinugo sa inyo ang lahat kong mga alipin na mga profeta, araw-araw ay ginigising kong maaga at sinusugo ko sa kanila: **26** gayon na'y hindi sila nakinig sa akin, o nagkiling man ng kanilang pakinig, kungdi pinatigas ang kanilang leeg: sila'y gumawa ng kalong masamang kay sa kanilang mga magulang.

**27** At iyong salitain ang lahat na salitang ito sa kanila; ngunit hindi sila makikinig sa iyo: iyo namang tatawagin sila; ngunit hindi sila sasagot sa iyo. **28** At iyong sasabihin sa kanilang: Ito ang nasyon na hindi nakinig sa voces ng PANGINOONG kanilang Dios, o tumanggap man ng aral: katotohanan ay nawala, at nahilwalay sa kanilang bibig. **29** Iyong gupitin ang iyong bukok, *Oh Jerusalem*, at ihagis mo, at magtaas ka ng panaghoy sa mga hubad na kaitaasan; sapagka't itinakuil ng PANGINOON at nilimot ang lahat ng kaniyang pag-iinit. **30** Sapagka't gumawa ang mga anak ng Juda ng masama sa aking paningin, sabi ng PANGINOON: kanilang inilagay ang kanilang mga kasuklamsuklam sa bahay na tinatawag sa aking pangalan, upang ihawa. **31** At kanilang itanayo ang mga mataas na lugar ng Tofet na nasa libis ng anak ni Hinom, upang sunugin ang kanilang mga anak na lalaki at babaye sa apoy; na hindi ko iniutos, o nasok man sa aking pag-iisip. **32** Kaya't, narito, ang mga araw ay dumaratang, sabi ng PANGINOON, na hindi na siya tatawaging Tofet, o Ang libis ng anak ni Hinom man, kungdi Ang libis na Patayan: sapagka't sila'y maglilibing sa Tofet, hangang sa mawa-

lan ng lugar. **33** At ang mga bangkay ng bayang ito ay magiging pinakapagkain sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop sa lupa; at walang mga bubugaw. **34** Kung magkagayo'y aking patitigilin sa mga ciudad ng Juda, at sa mga lungsangan ng Jerusalem, ang voces ng kalayawan at ang voces ng kasayahan, ang voces ng novio at ang voces ng novia: sapagka't ang lupain ay magiging sila.

**8** Sa panahong yaon sabi ng PANGINOON ay maglalabas sila ng mga buto ng mga hari sa Juda, at ng mga buto ng kaniyang mga pangulo, at ng mga buto ng mga sacerdote, at ng mga buto ng mga profeta, at ng mga buto ng mga mamamahan sa Jerusalem, mula sa kanilang mga libingan: **2** at kanilang mga ikakalat sa harap ng araw, at ng buan, at ng buong hukbo ng langit, na kanilang inibig, at kanilang pinaglingkuran, at sila nilang sinundan, at siyang kanilang hinanap, at siyang kanilang sinamba: hindi nga mapipisan, o malilibing man; sila'y magiging pinakadumi sa balat ng lupa. **3** At ang kamatayan ay pipiliin na higit kay sa kabubayan ng lahat ng naiwang nalabi dito sa masamang kamag-anakan, na nalabi sa lahat ng lugar na aking pinagtabuyan sa kanila, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo.

**4** Bukod dito'y sasabihin mo sa kanilang: Ganito ang sabi ng PANGINOON: ; Mabubual ba ang mga tawo at hindi magbabangon uli? ; maliligaw ba ang isa, at hindi magbabalik? **5** ; Bakit nga ang bayang ito na Jerusalem ay tumatalikod ng walang hangang pagtalikod? sila'y humahawak ng karayaan, sila'y tumatangging bumalik. **6** Aking pinakingan at narinig ko, ngunit hindi sila nagsalita ng matuid: walang nagsisisi ng kaniyang kasam-an, na nagsasabing: ; Anong aking ginawa? bawala't isa'y lumiliko sa kaniyang lakad, gaya ng kabayo na dumadaluho sa pagbabaka. **7** Oo, nakikilala ng taguk sa himpapawid ang kaniyang mga takdang kapanahunan; at ang pagong at ang langaylangayan at ang ibon na grulla ay mumamalas ng panahon ng kanilang pagdating; ngunit hindi nalalaman ng aking bayan ang ayos ng PANGINOON. **8** ; Bakit ninyo sinasabing: Kami ay pantas at ang kautusan ng PANGINOON ay sumasamin? Ngunit, narito, ang sinungaling na pangsulat ng mga escriba ay gumawang may kasinunga-

lingau. **9** Ang mga pantas ay napahiya, sila'y nanlupaypay at nahuli: narito, kanilang itinakuil ang salita ng PANGINOON: at ¿anong clase ng karunungan ang nasa kanila? **10** Kaya't ibibigay ko ang kanilang mga asawa sa mga iba, at ang kanilang mga parang ay sa mga mag-aari sa kanila: sapagka't bawa't isa mula sa kaliitlititan hangang sa kalaklakihan ay bigay sa kasakiman, mula sa profeta hangang sa sacerdote bawa't isa na gumagawang may kasinungalingan. **11** At kanilang ginamot na magaan ang sugat ng anak na babaye ng aking bayan, na sinabing: Kapayapaan, kapayapaan; sa baga'y walang kapayapaan. **12** ¿Nahiya ba sila ng sila'y magkamit ng kasuklamsuklam? hindi, hindi sila mahiya sa ano man, o namula man sila: kaya't sila'y mabubual sa gitna nila, na nabubual: sa panahon ng pagdawal sa kanila ay mahalagis sila, sabi ng PANGINOON. **13** Aking lubos na lilipulin sila, sabi ng PANGINOON: hindi magkakaroon ng mga uvas sa puso ng uvas, o ng mga higos man sa mga puso ng higos, at ang dahon ay malalanta; at ang mga bagay na aking naibigay sa kanila ay mapapawi sa kanila. **14** ¿Bakit tayo'y tumitigil na nakapupo?, kayo'y magpisan, at tayo'y masok sa mga ciudad na nakukutaan at tayo'y tumahimik doon: sapagka't inilagay tayo ng PANGINOON ating Dios sa pagkatumik, at binigyan tayo ng tubig na apdo upang inumin, sapagka't tayo'y nagkasala laban sa PANGINOON. **15** ¿Tayo'y naghihintay ng kapayapaan, nguni't walang dumating na mabuti; at ng panahon ng kagamutan, at nandito't panlulupaypay! **16** Ang singasing ng kaniyang mga kabayo ay naririnig mula sa Dan: sa tunog ng hugong ng kaniyang mga malakas ay nanginginig ang boong lupain; sapagka't sila'y dumating, at nilamon ang lupain at lahat ng nandoon; ang ciudad at yaong mga tumatahan doon. **17** Sapagka't, narito, ako'y magsusugo ng mga ahas, ng mga sawa sa gitna ninyo, na hindi maenkauto, at kakagatin nila kayo, sabi ng PANGINOON.

**18** ¿Oh kung ako'y makapag-aaliw laban sa kapanlawan! ang puso ko ay nanlulupaypay sa loob ko. **19** Narito, ang tinig ng hiyaw ng anak na babaye ng aking bayan na mula sa lupain na totoong malayo: ¿Hindi ba ang PANGINOON ay nasa Sion? ¿hindi ba ang kaniyang Hari ay nandoon? ¿Bakit minungkahi nila ako

sa galit ng kanilang mga larawang hini-clurahan, at ng mga kawalang kabuluhan ng ibang dios? **20** Ang pag-naani ay nakaraan, ang tag-init ay natapos, at tayo'y hindi ligtas. **21** Dahil sa sugat ng anak na babaye ng aking bayan ay nasasakitan ako: ako'y luksa; katigilan ay humawak sa akin. **22** ¿Wala bang balsamo sa Gilead? ¿wala bang mangagamot doon? ¿bakit nga hindi masauli ang katabaan ng anak na babaye ng aking bayan?

**9** ¿Oh kung ang aking ulo ay mga tubig, at ang aking mga mata ay bukal ng mga luha, upang ako'y makaiyak araw at gabi dahil sa pagkamatay ng anak na babaye ng aking bayan! **2** Manong magkaroon sa ilang ng tigilan ng mga naglulakad; upang aking maiwan ang aking bayan, at yaunan ko sila! sapagka't silang lahat ay mangangalunya, kapisanan ng mga magdarayang tawo. **3** At binaluktot ang kanilang dila gaya ng kanilang bosog dahil sa kabulaanan; at sila'y lumalakas sa lupain, nguni't hindi para sa katotohanan: sapagka't sila'y nangagaling sa kasam-an at kasam-an, at hindi nila ako nakikilala, sabi ng PANGINOON. **4** Magingat kayo bawa't isa sa kaniyang kapua, at huag kayong magkatiwala sa kanino mang kapatid: sapagka't lahat ng kapatid ay magtatakuil, at lahat ng kapua ay maghahatid dumapit. **5** At sila'y magdadaya bawa't isa sa kaniyang kapua, at hindi magsasalita ng katotohanan: kanilang tinuruan ang kanilang dila na magsalita ng kabulaanan; sila'y nagpakapagod na magkamit ng kasam-an. **6** Ang iyong tahanan ay nasa gitna ng karayaan; dahil sa karayaan ay tumatangi silang kilalanin ako, sabi ng PANGINOON.

**7** Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Narito, aking tutunawin sila at susubukin sila; ¿sapagka't ano pa ang aking magagawa, dahil sa anak na babaye ng aking bayan? **8** Ang kanilang dila ay panang nakamatay; magsasalita ng karayaan: magsasalitang may kapayapaan ng kaniyang bibig sa kaniyang kapua, nguni't bumabakay siya ng kaniyang puso sa kaniya. **9** ¿Hindi ko ba dadalawin sila dahil sa mga bagay na ito? sabi ng PANGINOON: ¿hindi ba gaganti ang aking kalulua sa isang nasyon na gaya nito?

**10** Sa mga bundok ay magtataas ako ng pag-iyak at pag-angal, at sa mga sab-

saban sa Hang ay panaghoy, sapagka't mga nasunog, na ano pa't walang dumaraan; hindi mau marinig ng mga tawo ang tinig ng kawan; ang ibon sa himpapawid at gayon din ang hayop sa parang ay yumaon. **11** At aking gagawin ang Jerusalem na mga bunton, na tahanan lugar ng mga chakal; at aking gagawin ang mga ciudad ng Juda na kagibaan, na walang mananahan. **12** Sino ang pantas na makababatid nito? at sino siya na pinagsalitaan ng bibig ng PANGINOON, upang kaniyang maihayag? bakit ang lupain ay napupugnaw at nasusunog na gaya ng ilang, na ano pa't walang dumaraan?

**13** At sabi ng PANGINOON: Sapagka't kanilang nilimot ang aking kautusan na aking inilagay sa harap nila, at hindi sumunod sa aking voces, o nilakaran man nila; **14** kungdi sila'y lumakad sa katigasan ng kanilang sariling puso, at sumunod sa mga Baal, na itinuro sa kanila ng kanilang mga magulang: **15** kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Narito, aking pakakanin sila, ang bayang ito, ng ajenjo, at bibigyan ko sila ng tubig na apdo upang inumin. **16** Akin ding pangangalatin sila sa gitna ng mga nasyon, na hindi nakilala kahi't nila o ng kanilang mga magulang: at aking susuguin ang tabak sa likuran nila, hangang sa aking malipol sila.

**17** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Kayo'y gumunita, at tumawag ng mga manananggis na babaye upang sila'y makaparito; at inyong mga pasuguan ang mga bihasang babaye upang sila'y makaparito: **18** at magmadali sila, at maglakas sila ng angal dahil sa atiu, upang ang ating mga mata ay makaagos ng mga luha, at ang ating mga talukapmata ay magbukal ng mga tubig. **19** Sapagka't ang voces ng angal ay naririnig mula sa Sion: Paanong tayo'y nasamsaman! tayo'y nalitong mainam, sapagka't ating kanalinutan ang lupain, sapagka't kanilang ibinagsak ang ating mga tahanan. **20** Gayon ma'y inyong dingin ang salita ng PANGINOON, Oh inyong mga babaye, at tangapin ng inyong pakiug ang salita ng kaniyang bibig, at turuan ninyo ang inyong mga anak na babaye ng pag-angal, at ng baw't isa ang kaniyang kapua ng panaghoy. **21** Sapagka't ang kamatayan ay sumampa sa loob ng ating mga dungawan, nasok sa ating mga palacio; upang ihiwalay ang mga anak sa labas, at ang mga binata sa mga lungsa-

ngan. **22** Inyong sabihing: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Ang mga bangkay ng mga tawo ay mahuhulog na parang dumi sa lual na parang, at gaya ng bigkis sa likod ng mangagapas, at walang dampungot.

**23** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Huag magmapuri ang pantas sa kaniyang karunungan, o magmapuri man ang makapangyarihan sa kaniyang kapangyarihan, huag magmapuri ang mayaman sa kaniyang kayamanan: **24** kungdi magmapuri sa ganito ang lumuluallhati, sa kaniyang pagkaalam at kaniyang pagkakilala sa akin, na ako ang PANGINOON na nagsasanay ng kagandahang-loob, ng kabatulan, at ng kabanalan sa lupa: sapagka't sa mga bagay na ito ay nalulugod ako, sabi ng PANGINOON. **25** Narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng PANGINOON, na aking parurusahan silang lahat na nangatuli sa kanilang hindi pagkatuli; **26** ang Egipto, at ang Juda, at ang Edom, at ang mga anak ni Ammon, at ang Moab at lahat ng gumugupit ng laylayan ng kanilang buhok, na tumutahan sa ilang: sapagka't lahat ng nacióng ito ay hindi tuli, at ang boong bahay ng Israel ay hindi tuli sa puso.

**10** Inyong dingin ang salita na sinasalita ng PANGINOON sa inyo, Oh balay ng Israel, **2** ganito ang sabi ng PANGINOON: Huag ninyong pag-aralan ang lakad ng mga nacion, at huag kayong manlupaypay sa mga tanda ng langit; sapagka't ang mga nacion ay manlupaypay sa mga yaon. **3** Sapagka't ang mga kaugalian ng mga bayan ay kawalang kabuluhan; sapagka't piuputol ng isa ang puno ng kahoy sa gubat, ang gawa ng mga kamay ng mangagawa sa pamamagitan ng palakol. **4** Kanilang ginagayakan ng pilak at ng ginto; kanilang ikinakapit ng mga pako at ng mga pamaukpok, upang huag humapay. **5** Mga gaya ng puno ng palmas, na yaring pumipihit, at hindi nagsasalita: mga kinakailangang dalhin, sapagka't hindi mga makalakad. Huag ninyong mga katakutan; sapagka't mga hindi makagagawa ng kasam-an, o nasa kanila man ang paggawa ng mabuti. **6** Walang gaya mo, Oh PANGINOON; ikaw ay dakila, at ang iyong pangalan ay malaki sa kapangyarihan. **7** Sinoong hindi matatakot sa iyo, Oh Hari ng mga nacion? sapagka't sa iyo nauukol: sa paraang sa gitna ng lahat ng pantas sa mga nacion, at sa lahat nilang kalagayang

pagkahari, walang gaya mo. 8 Kungdi sila'y pawang hangal at mangmang: ang aral ng mga idolo ay tukod lamang. 9 May pilak na pinukpok na dinala rito mula sa Tarsis, at ginto mula sa Ufaz, na gawa ng mangagawa at ng mga kamay ng platero; azul at morado para sa kanilang damit; mga gawang lahat ng mga bihasang mangagawa. 10 Nguni't ang PANGINOON ay tunay na Dios; siya ang buhay na Dios, at walang hangang hari: sa kaniyang pag-iinit ay naninginig ang lupa, at hindi matatahanan ng mga nasyon ang kaniyang pagkagalit.

11 Ganito ang inyong sasabihin sa kanila: Ang mga dios na hindi lumikha ng mga langit at ng lupa, ang mga ito ang malilipol sa lupa, at sa ilalim ng mga langit.

12 Kaniyang nilikha ang lupa ng kaniyang kapangyarihan, kaniyang itinatag ang sanlibutan ng kaniyang karpunangan, at kaniyang inunat ang mga langit ng kaniyang kaalaman: 13 pagka kaniyang inilalabas ang kaniyang voces, may kagulo ng mga tubig sa mga langit, at kaniyang pinaillanglang ang mga singaw na tubig mula sa mga dulo ng lupa; kaniyang ginagawa ang mga kidlat sa ulan, at naglalabas ng hangin mula sa kaniyang mga kinalalagyan. 14 Lahat ng lalaki ay naging hangal at walang kaalaman; lahat ng platero ay nalagay sa kahihiyang sa kaniyang larawang hinichurahan: sapagka't ang kaniyang larawang binubo ay kabulaanan, at walang hinga sa mga yaon. 15 Mga kawalang kabuluhan, gawang magdaraya; sa panahon ng pagdalaw sa kanila ay malilipol sila. 16 Ang bahagi ng Jakob ay hindi gaya ng mga ito; sapagka't siya ang may kapal sa lahat ng mga bagay; at ang Israel ay siyang angkang ng kaniyang mana: ang PANGINOON ng mga hukbo ay siyang kaniyang pangalan.

17 Iyong damputin ang iyong mga kalakal mula sa lupain, Oh ikaw na tumatahan sa loob. 18 Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, aking ibubulid ang mga mananahan sa lupain sa panahong ito, at aking pipighatiin sila, upang sila'y makaramdam. 19 Sa aba ko, dahil sa aking sugat! ang aking sakit ay malubha: nguni't aking sinabing: Tunay na ito ay aking kadalamhatian, at aking marapat na tisin. 20 Ang dampa ko ay nasamsaman, at lahat ng suhay ko ay napatid: iniwan ako ng aking mga

anak at sila'y wala na: wala ng magtayo pa ng aking dampa, at magtaas ng aking mga tabing. 21 Sapagka't ang mga pastor ay naging hangal, at hindi sumanguni sa PANGINOON: kaya't hindi sila guminhawa, at lahat nilang kawan ay nangalat. 22 Ang voces ng kainingay, narito't dumarating, at malaking kagulo mula sa hilagaang lupain, upang gawing kagibaan ang mga ciudad ng Juda, na tahanan ng mga chakal. 23 Oh PANGINOON, talastas ko na ang lakad ng tawo ay hindi sa kaniyang sarili: hindi sa tawo na lumalakad ang pagtutud ng kaniyang mga hakbang. 24 Oh PANGINOON, sawayin mo ako, nguni't sa pamamagitan ng kahatulan; hindi sa iyong galit, baka ako'y dalhin mo sa wala. 25 Iyong ibuhos ang iyong pag-aalab ng loob sa mga walang Dios na hindi nakakilala sa iyo, at sa mga kamag-anakan na hindi tumatawag sa iyong pangalan: sapagka't kanilang sinakmal ang Jakob, oo, kanilang sinakmal siya, at nilipol siya, at inilagay na sira ang kaniyang tahanan.

11 Ang salita na suma kay Jeremias mula sa PANGINOON, na nagsabing: 2 Inyong dingin ang mga salita ng tipang ito, at inyong salitain sa mga lalaki sa Juda, at sa mga mananahan sa Jerusalem; 3 at iyong sabihin sa kanilang: Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel: Sumpain ang lalaki na hindi nakikinig ng mga salita ng tipang ito, 4 na aking iniutos sa inyong mga magulang, sa araw na aking inilabas sila mula sa lupain ng Egipto, mula sa hurong bakal, na nagsabing: Inyong sundin ang aking voces, at inyong mga gawin, ayon sa lahat na iniutos ko sa inyo: sa gayo'y magiging bayan ko kayo, at ako'y magiging inyong Dios: 5 upang aking matatag ang sumpa na aking isinumpa sa inyong mga magulang, upang ibigay sa kanila ang isang lupaing binubukalan ng gatas at pulot, gaya sa araw na ito. Ng magkagayo'y sumagot ako, at sinabi kong: Siya nawa, Oh PANGINOON.

6 At sinabi ng PANGINOON sa aking: Inyong itanyag ang lahat ng mga salitang ito sa mga ciudad ng Juda, at sa mga langganan ng Jerusalem, na inyong sabihing: Inyong dingin ang mga salita ng tipang ito, at inyong mga gawin. 7 Sapagka't aking pinatunayang mainam sa inyong mga magulang sa araw na aking

isampa sila mula sa lupain ng Egipto, hangang sa araw na ito, na ako'y bumabangong maaga at pinatutunayan ko, na aking sinasabing: Inyong sundin ang aking voces. 8 Gayon ma'y hindi sila sumunod, o ikiniling man ang kanilang pakinig, kungdi lumakad bawa't isa sa katigasan ng kanilang masamang puso: kaya't dinala ko sa kanila ang lahat na salita ng tipang ito, na aking iniutos sa kanila na gawin, nguni't hindi nila mga ginawa.

9 At sinabi ng PANGINOON sa aking: Isang pagbabanta ay nasumpungan sa gitna ng mga lalaki sa Juda, at sa gitna ng mga mananahan sa Jerusalem. 10 Sila'y nagbalik sa mga kasam-an ng kanilang mga kanunuan, na tumanging duminig ng aking mga salita; at sila'y yumaong sumunod sa ibang mga dios upang mga paglinkuran: sinira ng bahay ng Israel at ng bahay ng Juda ang aking tipan na aking ginawa sa kanilang mga magulang. 11 Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, ako'y nagdadala ng kasam-an sa kanila, na hindi nila matataanan; at sila'y dadaing sa akin, nguni't hindi ko sila didingin. 12 Kung magkagayo'y yayaon at dadaing ang mga ciudad ng Juda at ang mga mananahan sa Jerusalem sa mga dios na kanilang pinaghandugan ng kamanyan: nguni't hindi sila liligtas nila sa ano man sa panahon ng kanilang kabagabagan. 13 Sapagka't ayon sa bilang ng iyong mga ciudad ay gayon ang iyong mga dios, Oh Juda; at ayon sa bilang ng mga langganan ng Jerusalem ay nagtayo kayo ng mga altar sa kahiya-hiyang bagay, mga altar upang pagsunugan ng kamanyan kay Baal. 14 Kaya't huag mong idalangin ang bayang ito, o ipagtaas mo man ng daing o ng dalangin sila: sapagka't hindi ko didingin sila sa panahon na sila'y dadaing sa akin dahil sa kanilang kabagabagan.

15 ¿Anong magagawa ng aking sinta sa aking bahay, sa paraang siya'y gumawa ng kabalayan sa marami, at ang santong laman ay humiwalay sa iyo? pagka ikaw ay gumagawa ng kasam-an, ikaw nga'y nagagalak. 16 Tinawag ng PANGINOON ang iyong pangalang: Sariwang puno ng olivo, maganda na may mainam na bunga: sa pamamag-itan ng ingay ng malaking kagulo ay kaniyang sinilaban ng apoy, at ang mga sanaga noon ay nabali. 17 Sapagka't ang PANGINOON ng mga hukbo, na nagtanim sa iyo, ay nagsalita

ng kasam-an laban sa iyo, dahil sa kasam-an ng bahay ng Israel, at ng bahay ng Juda na kanilang ginawa para sa kanilang sarili sa pamumungkahi sa akin sa galit ng paglahandog ng kamanyan kay Baal.

18 At binigyan ako ng kaalaman ng PANGINOON tungkol doon, at nalaman ko: ng magkagayo'y ipinakita mo sa akin ang kanilang mga gawa. 19 Nguni't ako'y gaya ng maamong cordero na pinapatnubayan sa patayan; at hindi ko nalaman na sila'y kumakatha ng mga katha laban sa akin, na nagsabing: Ating gibain ang puno ng kahoy sampuo ng bunga niya, at ating ihiwalay siya sa lupain ng may buhay, upang ang kaniyang pangalan ay huag ng maalala. 20 Nguni't, Oh PANGINOON ng mga hukbo, na humahatol na may kabanalan, na sumusubok ng mga pag-iisip at ng puso, ipakita mo sa akin ang iyong kagantihan sa kanila: sapagka't sa iyo inihayag ko ang aking usap. 21 Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON tungkol sa mga lalaki sa Anatot, na umuusig ng iyong buhay, na nagsasabing: Ikaw ay huag manghubula sa pangalan ng PANGINOON, upang huag kang mamatay sa aming kamay: 22 kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Narito, aking parurusahan sila: ang mga binata ay mamamatay sa pamamag-itan ng tabak; ang kanilang mga anak na lalaki at babaye ay mamamatay sa kagutom; 23 at hindi magkakaroon ng labi sa kanila: sapagka't ako'y magdadala ng kasam-an sa mga lalaki sa Anatot, ng taon ng pagdalaw sa kanila.

12 Ikaw ay banal, Oh PANGINOON, ng ako'y makipag-usapin sa iyo: gayon ma'y makikipagkatuiranan ako ng usap sa iyo: ¿bakit mo pinalalaga ang lakad ng masama? ¿bakit tumatahimik silang lahat na gumagawa na totoong may karayaan? 2 Iyong mga itinanim, oo, sila'y nangagkaugat; mga tumutubo, oo, mga nagbubunga: ikaw ay malapit sa kanilang bibig, at malayo sa kanilang mga pag-iisip. 3 Nguni't ikaw, Oh PANGINOON, nakakakilala sa akin; ikaw na nakikita ako, at sinusubok mo ang aking puso sa iyo: mga itulak mong parang mga tupa sa patayan, at mga ihanda mo sa karaan ng pagpatay. 4 ¿Hangang kailan tatangis ang lupain, at matutuyo ang mga damo sa boong lupain? dahil sa kasam-an nila na tumatahan doon, nilipol ng mga layop at ng mga ibon; sapagka't kanilang

sinabing: Hindi niya nakikita ang ating huling kawakasan. 5 Kung ikaw ay tumakbo na kasama ng mga naglalakad, at kanilang pinagod ka, ; paano ngang makikipagtalò ka sa mga kabayo? at baga man sa lupain ng kapayapaan ay tiwasay ka, gayon ma'y ; paanong magagawa mo sa kapalaluan ng Jordan? 6 Sapagka't pati ng iyong mga kapatid, at ng bahay ng iyong magulang, mga gumawa ring may karayaan sa iyo; mga humiyaw rin ng malakas sa hulihan mo: huag mong paniwalaan sila, baga man sila'y nagsasalita ng mga mabuting salita sa iyo.

7 Aking pinabayaan ang aking bahay, aking itinakuil ang aking mana; aking ibinigay ang sinta na mainam ng aking kalulua sa kamay ng kaniyang mga kaaway. 8 Ang mana ko ay naging sa akin ay parang leon sa gubat: kaniyang inilakas ang kaniyang voces laban sa akin; kaya't aking kinapootan siya. 9 ; Ang akin bang mana ay naging sa akin ay parang mandadagit na ibon na may sarisaring kulay? ; ang mga mandadagit na ibon ba ay laban sa kaniya sa palibot? kayo'y yumaon, inyong pisanin ang lahat na mga hayop sa parang, inyong dalhin sila upang lumamon. 10 Giniba ng maraming pastor ang aking uvasan, kanilang niyapakan ang aking bahagi sa ilalim ng paa, kanilang ginawa ang aking malalagang bahagi na gibang ilang. 11 Kanilang ginawang kagibaan; tumatangis sa akin, sa paraang giba; ang boong lupain ay nagiba, sapagka't walang tawong gumugunita sa puso. 12 Mga mananamam ay dumating sa lahat ng mga hubad na kaitaasan sa ilang: sapagka't ang tabak ng PANGINOON ay sumasakmal mula sa isang dulo ng lupain hangang sa kabilang dulo ng lupain: walang lamang may kapayapaan. 13 Sila'y naghasik ng trigo, at umani ng mga tinik; sila'y nagpakahirap, at walang pinakikinabang: at kayo'y mapapahiya sa inyong mga bunga, dahil sa mabangis na galit ng PANGINOON.

14 Ganito ang sabi ng PANGINOON laban sa lahat na masama kong kapua, na humihipo ng mana na aking ipinamana sa aking bayang Israel: Narito, akin silang bubunutin sa kanilang lupain, at aking bubunutin ang bahay ng Juda sa gitna nila. 15 At mangyayari, na pagkatapos na aking mabunot sila, ako'y magbabalik at maawa sa kanila; at aking ibabalik sila uli,

bawa't tawo ay sa kaniyang mana, at bawa't tawo ay sa kaniyang lupain. 16 At mangyayari, kung kanilang pag-aaralang maingat ang mga lakad ng aking bayan, ang pagsumpa sa pangalan ko: Buhay ang PANGINOON; gaya ng kanilang itinuro sa bayan ko ang pagsumpa sa pangalan ni Baal; kung magkagayo'y matatayo sila sa gitna ng aking bayan. 17 Ngunit kung hindi nila didingin, akin ngang bubunutin ang nasiong yaon, na bubunutin at lilipulin, sabi ng PANGINOON.

13 Ganito ang sabi ng PANGINOON sa akin: Ikaw ay yumaon at bumili ka ng isang pamigkis na kayong puti, at ibigkis mo sa iyong mga balakang, at huag mong ilubog sa tubig. 2 Sa gayo'y bumili ako ng pamigkis ayon sa salita ng PANGINOON, at inilagay ko sa aking mga balakang. 3 At ang salita ng PANGINOON, dumating sa akin na ikalawa, na nagsabing: 4 Kunin mo ang pamigkis na iyong binili, na nasa iyong mga balakang, at ikaw ay bumangon, yumaon ka sa Eufrates, at ikubli mo doon sa isang butas ng bato. 5 Sa gayo'y yumaon ako, at ikinubli ko sa tabi ng Eufrates ayon sa iniutos sa akin ng PANGINOON. 6 At nangyari, pagkaraan ng maraming araw, na sinabi ng PANGINOON sa aking: Ikaw ay bumangon, yumaon ka sa Eufrates, at kunin mo ang pamigkis mula roon, na iniutos ko sa iyong ikubli mo roon. 7 Ng magkagayo'y yumaon ako sa Eufrates, at humukay ako, at kinuha ko ang pamigkis mula sa lugar na aking pinagkublihan: at, narito, ang pamigkis ay bulok, hindi mapapakinabangan sa ano man. 8 Ng magkagayo'y dumating sa akin ang salita ng PANGINOON, na nagsabing: 9 Ganito ang sabi ng PANGINOON: Ayon sa paraang ito ay aking bubulukin ang kapalaluan ng Juda, at ang malaking kapalaluan ng Jerusalem. 10 Ang masamang bayang ito, na tumatanging makinig ng mga salita ko, na lumalakad sa katigasan ng kanilang puso, at yumaong sumunod sa ibang mga dios upang mga paglinkuran, at upang mga sambahin, magiging gaya ng pamigkis na ito, na hindi mapapakinabangan sa ano man. 11 Sapagka't kung paanong ang pamigkis ay kumakapit sa mga balakang ng lalaki, gayon pinakapit ko sa akin ang boong bahay ng Israel at ang boong bahay ng

Juda, sabi ng PANGINOON; upang sila'y maging sa akin ay pinakabayan, at pinakapangalan, at pinakapuri, at pinakaluathati: nguni't hindi nila dininig. **12** Kaya't sasalitain mo sa kanila ang salitang ito: Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel: Bawa't botella ay mapupuno ng alak: at kanilang sasabihin sa iyong: ¿Hindi ba namiu nalalaman na ang bawa't botella ay mapupuno ng alak? **13** Kung magkagayo'y sasabihin mo sa kanilang: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, aking pupunuin ng pagkalo ang lahat na mananahan sa lupaing ito, ang mga hari na nakaupo sa luklukan ni David, at ang mga sacerdote at ang mga profeta, at ang lahat na mananahan sa Jerusalem. **14** At aking itutulak ang isa laban sa isa, ang mga magulang at ang mga anak na magkakasama, sabi ng PANGINOON: Hindi ako manghihinayang, o magpapatawad man, o mahahabag man, upang huag ko silang lipulin.

**15** Inyong dingin, at kayo'y makinig; huag kayong magpalalo; sapagka't sinalita ng PANGINOON. **16** Luathatin ninyo ang PANGINOONG inyong Dios, bago siya magpadilim, at bago matisod ang inyong mga paa sa mga madilim na bundok; at, habang kayo'y naghihintay ng liwanag, kaniyang papaging lilim ng kamatayan, at palalalain niya ang kadi-liman. **17** Nguni't kung hindi ninyo didingin, ang kalulua ko ay iiyak na lihim dahil sa *inyong* kapalaluan; at ang mata ko ay iiyak na mainam, at aagusan ng mga luha, sapagka't ang kawan ng PANGINOON ay nabihag. **18** Inyong sabihin sa hari at sa ina ng hari: Kayo'y magpakababa, umupo kayo: sapagka't ang inyong mga kagayakan ng ulo ay bumaba, ang korona ng inyong kalualhatian. **19** Ang mga ciudad sa timugan ay nasarhan, at walang mga magbukas: ang Juda ay nadalang bihag na boo; boong nadalang bihag.

**20** Inyong itanaw ang inyong mga mata, at inyong masdan sila na nanggaling sa hilagaan: ¿saan nandoon ang kawan na nabigay sa iyo, ang inyong magandang kawan? **21** ¿Ano ang iyong sasabihin pagka kaniyang inilagay ang *inyong* mga kaibigan sa iyo na picakapan-gulo, na parang iyong tinuruan sila laban sa iyo? ¿hindi ba hahawak sa iyo ang mga kapanlawan, ng gaya sa isang babaye na nagdaramdam? **22** At kung

iyong sabihin sa iyong puso: ¿Bakit ang mga bagay na ito ay dumating sa akin? dahil sa kalakhan ng iyong kasam-an ay nalitaw ang iyong mga laylayan, at ang iyong mga sakong ay nagtiis ng karahasan. **23** ¿Makapagbabago ba ang Etiope ng kaniyang balat, o ang leopardo ng kaniyang batik? kung magkagayo'y makagagawa naman kayo ng mabuti na mga bihasang gumawa ng masama. **24** Kaya't aking pangangalatin sila, gaya ng kadahunan na dumaraan, sa pamamagitan ng hangin sa ilang. **25** Ito ang iyong kapalaran, ang bahaging sukat sa iyo na mula sa akin, sabi ng PANGINOON; sapagka't iyong nilimot ako, at umasa ka sa kabulaanan. **26** Kaya't akin namang ililitaw ang iyong mga laylayan sa iyong mukha, at ang iyong kahihiyan ay malilitaw. **27** Aking nakita ang iyong mga kasuklamsuklam, ang iyong mga pangangalunya, at ang iyong mga huni, ang kahalayan ng iyong pakikiapid, sa mga burol sa parang. ¿Sa aba mo, Oh Jerusalem! ikaw ay hindi malilinis; ¿hangang kailan magkakagayon?

**14** Ang salita ng PANGINOON na dumating kay Jeremias tungkol sa katuyuan.

**2** Ang Juda ay tumatangis, at ang mga pintuang-daan niya ay humahapay, mga bagsak na nangingitim sa lupa; at ang daing ng Jerusalem ay umilanglang. **3** At sinugo ng mga mahal ang kanilang mga bata sa mga tubig: sila'y naparoroon sa mga balon at hindi nakakasumpung ng tubig; sila'y bumabalik na may mga sisidlang walang laman: sila'y nangapahiya at nangalilito, at nagtatakip ng kanilang mga ulo. **4** Dahil sa lupa na nababasal, sa paraang hindi nagkaroon ng ulan sa lupain, ang mga mangbubukid ay nangapahiya, kanilang tinatakpan ang kanilang mga ulo. **5** Oo, ang usa sa paraang naman ay nanganganak at nalilimutan *ang anak*, sapagka't walang damo. **6** At ang mga mabangis na asno ay tumatayo sa mga hubad na kaitaasan, sila'y sumisinghot dahil sa hangin na gaya ng mga chakal; ang kanilang mga mata ay nangangalumata, sapagka't walang absabin.

**7** Baga man ang aming mga kasam-an ay sumasaksi laban sa amin, gumawa ka dahil sa iyong pangalan, Oh PANGINOON: sapagka't ang aming mga pagtalikod ay marami; kami ay nagkasala laban sa iyo,



8 Oh ikaw na pag-asa ng Israel, na tagapagligtas niya sa panahon ng kabagabagan, bakit ikaw ay magiging parang mangingibang bayan sa lupain, at parang gala na lumiliko na nagpaparaan ng gabi? 9 Bakit ikaw ay magiging parang lalaking natigilan, parang makapangyarihan na hindi makapagligtas? gayon man ikaw, Oh PANGINOON, ay nasa gitna namin, at kami ay tinatawag sa iyong pangalan; huag mo kaming iwan.

10 Ganito ang sabi ng PANGINOON sa bayang ito: Sa paraang kanilang inibig ang paggala; hindi nila piugilan ang kanilang mga paa: kaya't hindi sila tinatangap ng PANGINOON; ngayo'y alalahanin niya ang kanilang kasamanan, at dadalawin ang kanilang mga kasalanan.

11 At sinabi ng PANGINOON sa aking: Huag mong idalangin ang bayang ito dahil sa kanilang ikabubuti. 12 Pagka sila'y nag-aayuno, hindi ko didingin ang kanilang daing; at pagka sila'y naghabandog ng handog na susunugin at ng alay, hindi ko mga tatanggapin: kungdi aking lilipulin sila ng tabak, at ng kagutom, at ng salat. 13 Ng magkagayo'y sinabi kong: Ah Panginoong Dios! narito, sinasabi ng mga profeta sa kanilang: Kayo'y hindi makakakita ng tabak, o magkakaroon man kayo ng kagutom; kungdi bibigyan ko kayo ng tiwasay na kapayapaan sa lugar na ito. 14 Ng magkagayo'y sinabi ng PANGINOON sa aking: Ang mga profeta ay nanghuhula ng kasinungalingan sa aking pangalan: hindi ko sila mga sinugo, o mga inutusan ko man sila, o nagsalita man ako sa kanila: sila'y nanghuhula sa iyo ng magdarayang malikmata, at panghuhula, at bagay na wala, at ang daya ng kanilang sariling puso. 15 Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON tungkol sa mga profeta na nanghuhula sa aking pangalan, at hindi ko sila sinugo, gayon ma'y nagsasabi silang: Tabak at kagutom ay hindi sasa lupaing ito: Sa pamamagitan ng tabak at ng kagutom ay malilipol ang mga profetang yaon. 16 At ang bayan na kanilang pinanghuhulaan ay mahahagis sa mga langsgangan ng Jerusalem dahil sa kagutom at sa tabak; at walang maglilibing sa kanila, sa kanila, sa kanilang mga asawa, o sa kanilang mga anak na lalaki man, o na babaye man: sapagka't aking ibubuhos ang kanilang kasamanan sa kanila. 17 At iyong sasabihin ang salitang ito sa kanila: Agusan ang aking mga mata ng mga luha

gabi at araw, at huag maglikat; sapagka't ang anak na dalaga ng aking bayan ay nasira ng malaking pagkasira, na may totoong mabigat na sugat. 18 Kung ako'y lumabas sa parang, masdan mo nga ang patay ng tabak! at kung ako'y masuk sa ciudad, masdan mo nga sila na may sakit ng gutom! sapagka't ang profeta at gayon din ang sacerdote ay lumilibot sa lupain at walang kaalaman.

19 Iyo bang lubos na itinakuil ang Juda? kinapootan ba ng iyong kalulua ang Sion? bakit mo sinugatan kami at walang kagamutan sa amin? kami ay naghihintay ng kapayapaan, ngunit walang mabuting dumating; at ng panahon ng kagamutan, at, narito, panulupay-pay! 20 Aming kinikilala, Oh PANGINOON, ang aming kasamanan, at ang kasamanan ng aming mga magulang: sapagka't kami ay nagkasala laban sa iyo. 21 Huag mo kaming kapootan alang-alang sa iyong pangalan: huag mong walang kabuluhan ang luklukan ng iyong kaulahatian: iyong alalahanin, huag mong sirain ang iyong tipan sa amin. 22 Mairoon bang sino man sa gitna ng mga kawalang kabuluhan ng mga walang Dios na makapagpapaulan? o makapagpapaambon ba ang mga langit? hindi ba ikaw ay siya, Oh PANGINOON aming Dios? kaya't kami ay maghihintay sa iyo; sapagka't iyong ginawa ang lahat na mga bagay na ito.

15 Ng magkagayo'y sinabi ng PANGINOON sa aking: Baga man si Moises at si Samuel ay tumayo sa harap ko, gayon ma'y ang pag-iisip ko ay hindi mapapasa bayang ito: iyong mga itakuil sa aking paningin, at iyong palabasin sila. 2 At mangyayari, pagka kanilang sinabi sa iyong: Saan kami lalabas? sagsaysayin mo nga sa kanilang: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Ang sa kamatayan, ay sa kamatayan; at ang sa tabak, ay sa tabak; at ang sa kagutom, ay sa kagutom; at ang sa pagkabiha, ay sa pagkabiha. 3 At ako'y magtatakda sa kanila ng apat na kamaganakan, sabi ng PANGINOON: ang tabak upang pumatay, at ang mga aso upang lumapa, at ang mga ibon sa himpapawid, at ang mga hayop sa lupa, upang lumamon at lumipol. 4 At aking ipagugulo sila na paroot parito sa gitna ng lahat na kaharian sa lupa, dahil kay Manases na anak ni Ezekias na hari sa Juda, dahil sa kaniyang ginawa sa Jerusalem. 5 Sapagka't sinong mahihina-

yang sa iyo, Oh Jerusalem? o ¿sinong tataghoy sa iyo? o ¿sinong magkakamali na magtatanong ng iyong kalagayan?

**6** Iyong itinakuil ako, sabi ng PANGINOON, ikaw ay yumaong paurong: kaya't iniunat ko ang aking kamay laban sa iyo, at pumatay sa iyo; ako'y pagod ng pag-sisisi. **7** At aking pinahanginan sila ng pangpahangin sa mga pintuang-daan ng lupain; aking binawaan sila ng mga anak, aking nilipol ang aking bayan; sila'y hindi humiwalay sa kanilang mga lakad. **8** Ang kanilang mga babayeng bao ay naragdagan sa akin ng higit kay sa buhanangin sa mga dagat: aking dinala sa kanila laban sa ina ng mga binata ang mananamsam sa kataughaliang tapat: ako'y nagpapalumbay at nagpakilabot sa kaniya na bigla. **9** Siyang nanganak ng pito ay nanlulupaypay; siya'y naghibi-ngalo; ang kaniyang kaarawan ay lumubog may araw pa; siya'y napahiya at nalito: at ang malabi sa kanila ay ibilibigay ko sa tabak sa harap ng kanilang mga kaaway sabi ng PANGINOON.

**10** Sa aba ko, ina ko, na ipinanganak mo ako na lalaking mapagtalo at lalaking mapagkaalit sa boong lupa! ako'y hindi nagpautang na may tubo, o pinautang man ako ng mga tawo na may patubo; gayon ma'y bawa't isa sa kanila ay sinumpa ako. **11** Sinasabi ng PANGINOON: Katotohanang palalakasin kita sa ikabubuti; katotohanang aking pamamanhikan ay kaaway sa iyo sa panahon ng kasam-an at sa panahon ng pagkapighati.

**12** Mababasag ba ng sino man ang bakal, ang bakal mula sa hilagaan, at ang tanso? **13** Ang iyong pag-aari at ang iyong kayamanan ay ibibigay ko na pinakasamsam na walang halaga, at iya'y dahil sa lahat mong kasalanan, sa lahat mong hanganan. **14** At akin silang paraanin na kasama ng iyong mga kaaway sa lupain na hindi mo nakikilala: sapagka't ang apoy ay nagningas sa aking galit, na magniningas sa inyo.

**15** Oh PANGINOON, talastas mo; iyong alalahanin ako, at dalawin mo ako, at iganti mo ako sa mga manghahabol sa akin; huag mo akong ipakuha sa iyong pagtitiis ng loob: talastasin mo na dahil sa iyo ay nagtiis ako ng kaduahagihan.

**16** Ang iyong mga salita ay nangasumpungnan, at aking mga kinain; at ang iyong mga salita sa ganang akin ay katuunan at kagalakan sa aking puso: sapagka't ako'y tinawag sa iyong pangalan, Oh PANGI-

NOONG Dios ng mga hukbo. **17** Hindi ako nauupo sa kapisanan nila na nasasayahan, o nagagalak man: ako'y naupong nag-isa dahil sa iyong kamay; sapagka't pinuno mo ako ng pagkagalit. **18** Bakit ang aking sakit ay walang bangan at ang aking sugat ay walang kaganutan, na tumanging magamot? ¿ikaw ba'y tunay na magiging parang magdarayang batis sa akin, parang mga tubig na hindi maasahan?

**19** Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON: Kung ikaw ay magbalik-loob, isasauli nga kita uli, upang ikaw ay makatayo sa harap ko; at kung iyong ihiwalay ang may halaga sa walang halaga, ikaw ay magiging gaya ng aking bibig; sila'y magbabalik-loob sa iyo, nguni't huag kang magbabalik-loob sa kanila. **20** At gagawin kita sa bayang ito na sangalangang tansong kuta; at sila'y babaka laban sa iyo, nguni't hindi sila mananaig laban sa iyo: sapagka't ako'y sumasaiyo upang iligtas kita at upang papaging layain kita, sabi ng PANGINOON. **21** At ililigtas kita sa kamay ng masama, at tutubusin kita sa kamay ng kakilakilabot.

**16** Ang salita naman ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing:

**2** Huag kang mag-aasawa, o magtataankilik ka man ng mga anak na lalaki o babaye sa lugar na ito. **3** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON tungkol sa mga anak na lalaki at tungkol sa mga anak na babaye na ipinanganak sa lugar na ito, at tungkol sa kanilang mga ina na nanganak sa kanila, at tungkol sa kanilang mga ama na naging anak sila sa lupaing ino: **4** Sila'y mamamatay ng mga mabigat na pagkamatay; hindi sila pananaghuyan o ilililing man sila; sila'y magiging parang dumi sa balat ng lupa: at sila'y malilipol ng tabak, at ng kagutom; at ang kanilang mga langkay ay magiging pinakapagkain sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop sa lupa. **5** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON: Huag kang masok sa bahay na may tangisan, o pumaroon man upang tumaghoy o umangal man sa kanila: sapagka't aking inalis ang pagpayapa ko sa bayang ito, sabi ng PANGINOON, ang kagandahang-loob at mga kaawaan. **6** Ang malaki at gayon din ang maliit ay mamamatay sa lupaing ito: sila'y hindi malililing, o tataghuyan man sila ng

mga tawo, o mgahihiwalay man, o mgag-papakakalbo man sa kanila: **7** o mag-pipiraso man sa kanila ang mga tawo *ng tinapay* dahil sa kanila sa pagtanngis, upang aliwin sila dahil sa patay; hindi man sila paiinumin ng kopa ng kaaliwan dahil sa kanilang ama o dahil sa kanilang ina. **8** At huag kang papasok sa bahay na anyayahan upang maupong kasama nila, upang kumain at umiuom. **9** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Narito, aking patitigilin mula sa lugar na ito, sa harap ng inyong mga mata at sa inyong mga kaarawan, ang voces ng kalayawan, at ang voces ng kasayahan, ang voces ng novio at ang voces ng novia. **10** At mangyayari, pagka iyong ipakikilala sa bayang ito ang lahat ng salitang ito, at kanilang sasabihin sa iyong: *¿Bakit sinalita ng PANGINOON ang lahat na malaking kasam-ang ito laban sa amin? o ¿ano ang aming kasam-an? o ¿ano ang aming kasalanan na aming nakamit laban sa PANGINOONG aming Dios?* **11** kung magkagayo'y iyong sasabihin sa kanilang: Sapagka't nilimot ako ng inyong mga magulang, sabi ng PANGINOON, at lumakad na sumunod sa ibang mga dios, at naglingkod sa kanila, at sumamba sa kanila, at nilimot ako, at hindi iningatan ang aking kautusan; **12** at kayo'y gumawa ng kasam-an na higit kay sa inyong mga magulang: sapagka't, narito, kayo'y lumakad bawa't isa ayon sa katigasan ng kaniyang masamang puso, na ano pa't hindi ninyo ako dininig: **13** kaya't kayo'y itataboy ko sa lupain na hindi ninyo nakilala, ninyo o ng inyong mga magulang man, na mula sa lupaing ito; at doo'y maglingkod kayo sa ibang mga dios araw at gabi; sapagka't hindi ako magpapakita sa inyo ng ano mang biyaya.

**14** Kaya't, narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng PANGINOON, na hindi na sasabihin pang: Buhay ang PANGINOON na nagsampa ng mga anak ng Israel mula sa lupain ng Egipto; **15** kungdi: Buhay ang PANGINOON, na nagsampa ng mga anak ng Israel mula sa lupain ng hilagaan, at mula sa lahat ng lupain na kinatabuyan sa kanila: at akin silang ipapasok uli sa kanilang lupain na aking ibinigay sa kanilang mga magulang. **16** Narito, aking pasusuguan ang maraming mangngisda, sabi ng PANGINOON, at mga pangngisdaan nila; at

pagkatapos aking pasusuguan ang maraming mangngaso, at sila'y mangngaso sa lahat ng bundok, at sa lahat ng burol, at sa mga puang ng mga bato. **17** Sapagka't ang aking mga mata ay nasa lahat ng kanilang lakad: sila'y hindi nakukubli sa aking mukha, o natatago man ang kanilang kasam-an sa aking mga mata. **18** At akin munang gagantihin ng higit ang kanilang kasam-an at ang kanilang kasalanan; sapagka't kanilang inihawa ang aking lupain sa mga bangkay ng kanilang karumaldumal na mga bagay, at kanilang pinuno ang aking mana ng kanilang mga kasuklam-suklam. **19** Oh PANGINOON, aking kalakasan, at aking katibayan, at aking silungan sa kaarawan ng pagkadalamhati, sa iyo paroroon ang mga nasyon na mula sa mga dulo ng lupa, at magsasabing: Ang aming mga magulang ay walang minana kungdi mga kabulaapan, kawalang kabuluhan at mga bagay na hindi mapapakinabangan. **20** ¿Gagawa ba ang tawo sa kaniyang sarili ng mga dios na hindi mga dios? Kaya't, narito, ipakikilala ko sa kanila, na paminsang ipakikilala ko sa kanila ang aking kamay at ang aking kapangyarihan; at kanilang makikilala na ang aking pangalan ay Jehova.

**17** Ang kasalanan ng Juda ay nasulat ng panulat na bakal, at ng dulo ng diamante: naukit sa tabla ng kanilang puso, at sa mga sungay ng inyong mga altar; **2** habang naalala ng kanilang mga anak ang kanilang mga altar at ang kanilang mga Ashera sa tabi ng mga sariwang puno ng kahoy sa mga matayog na burol. **3** Oh aking bundok sa parang, aking ibibigay ang iyong mga tinatankilik at ang lahat ng iyong mga kayamanan sa pagkasamsam, at ang iyong mga mataas na lugar, dahil sa kasalanan, sa lahat ng iyong hanganan. **4** At ikaw, ang iyong sarili, mababawaan ka sa iyong mana na ibinigay ko sa iyo; at pagtitingkurin kita sa iyong mga kaaway sa lupain na hindi mo nakikilala: sapagka't kayo'y nagpaningas ng apoy sa aking galit na magninigas magpakailan man.

**5** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Sumpain ang lalaki na nagkakatiwala sa tawo, at ginagawang laman ang kaniyang braso, at ang puso ay humihiwalay sa PANGINOON. **6** Sapagka't siya'y magiging gaya ng retama sa ilang, at hindi makakakita pagka ang mabuti ay dumarating;

kungdi tataban sa mga tuyong lugar sa ilang, lupaing maalat at hindi tinatahanan. **7** Mapalad ang lalaki na umaasa a PANGINOON, at ang pag-asa ay ang PANGINOON. **8** Sapagka't siya'y magiging gaya ng mga punong kahoy na itinanim sa tabi ng mga tubig, at nag-uunat ng kaniyang mga ugat sa tabi ng ilog, at hindi matatatak pagka ang init ay dumarating, kungdi ang kaniyang dahon ay magiging sariwa; at hindi masabik sa taon ng katuyuan, o maglilikat man ng pagbubunga. **9** Ang puso ay magdaraya na higit kay sa lahat na bagay, at masama: ¿sinong makaalam? **10** Akong PANGINOON ay sumisiyasat ng puso, aking sinusubok ang mga pag-iisip, upang magbigay sa baw't tawo ng ayon sa kaniyang mga lakad, ayon sa bunga ng kaniyang mga gawa. **11** Kung paanong ang pugo ay nagkukupkop ng mga itlog na hindi niya inilitog, gayon siya na nagtatankilik ng mga kayamanan, at hindi sa pamamagitan ng matuid; sa gitna ng kaniyang mga araw ay iiwan niya ayon, at sa kaniyang wakas ay magiging mangmang siya.

**12** Ang mahalhating luklukan, na naitaas mula sa pasimula, ay siyang lugar ng aming santuario. **13** Oh PANGINOON, na pag-asa ng Israel, lahat na nagpapabaya sa iyo ay mapapahiya; silang humihiwalay sa akin ay masusulat sa lupa, sapagka't kanilang pinabayaan ang PANGINOON, na batis ng mga buhay na tubig. **14** Iyong gamutin ako, Oh PANGINOON, at magagamot ako; iyong iligtas ako, at maliligtas ako: sapagka't ikaw ang aking kapurihan. **15** Narito, kanilang sinasabi sa aking: ¿saan nandoon ang salita ng PANGINOON? dumating ngayon. **16** Tungkol sa akin ay hindi ako nagmadali upang hindi maging pastor sa pagsunod sa iyo; o ninasa ko man ang kaabaabang kaarawan; iyong nalalaman: ang lumabas sa aking mga labi ay nasa harap ng iyong mukha. **17** Huag maging kakilabutan sa akin: ikaw ang aking silungan sa kaarawan ng kasaman. **18** Mapahiya sila na humahabol sa akin, nguni't huag akong mapahiya; manlupaypay sila, nguni't huag akong manlupaypay: dalhin sa kanila ang kaarawan ng kasaman, at ibual sila ng higit na pagkabual.

**19** Ganito ang sabi ng PANGINOON sa akin: Ikaw ay yumaon, at tumayo ka sa pintuang-daan ng mga anak ng bayan, na pinapasukan ng mga hari sa Juda, at

kanilang nilalabasan, at sa lahat ng pintuang-daan ng Jerusalem; **20** at iyong sabihin sa kanilang: Inyong dingin ang salita ng PANGINOON, ninyong mga hari sa Juda, at ng boong Juda, at ng lahat na mananahan sa Jerusalem, na pumapasok sa pamamag-itan ng mga pintuang-daan ito; **21** ganito ang sabi ng PANGINOON: Mag-ingat kayo sa inyong sarili, at huag kayong magdala ng pasan sa araw ng sabado, o magpasok man sa mga pintuang-daan ng Jerusalem; **22** huag din kayong kumuha ng pasan sa inyong mga bahay sa araw ng sabado, o gumawa man kayo ng ano mang gagawin: kungdi inyong ipangilin ang araw ng sabado, gaya ng inintos ko sa inyong mga magulang; **23** nguni't hindi nila dininig, o ikiniling man ang kanilang pakinig, kungdi pinatigas ang kanilang leeg, upang huag nilang marinig, at huag makatangap ng aral. **24** At mangyayari, kung kayo'y makinig na manggat sa akin, sabi ng PANGINOON, na huag magpasok ng pasan sa mga pintuang-daan ng ciudad na ito sa araw ng sabado, kungdi ipangilin ang araw ng sabado, upang huag gawan ng ano mang gagawin; **25** kung magkagayo'y papasok sa mga pintuang-daan ng ciudad na ito ang mga hari at mga pangulo na nauupo sa mga luklukan ni David, na mga naka karro at nangaka kabayo, sila at ang kanilang mga pangulo, ang mga lalaki sa Juda, at ang mga mananahan sa Jerusalem: at ang ciudad na ito ay tatahanan magpakailan man. **26** At sila'y mangagaling sa mga ciudad ng Juda, at sa mga palibot ng Jerusalem, at sa lupain ng Benjamin, at sa mababang lupain, at sa mga bundok, at sa Timugan, na magdadala ng mga handog na susunugin, at ng mga hayin, at ng mga alay, at ng kamanyan, at magdadala ng mga hayin na pasalamat sa bahay ng PANGINOON. **27** Nguni't kung hindi ninyo didingin ako upang ipangilin ang araw ng sabado, at huag magdala ng pasan at masok sa mga pintuang-daan ng Jerusalem sa araw ng sabado; kung magkagayo'y magpapaningas ako ng apoy sa mga pintuang-daan noon at pupugnawin noon ang mga palacio sa Jerusalem, at hindi mapapatay.

**18** Ang salita na suma kay Jeremias mula sa PANGINOON, na nagsabing: **2** Ikaw ay bumangon, at babain mo ang babay ng magpapaliok, at aking iparirinig sa iyo ang aking mga salita doon. **3** Ng

magkagayo'y bumaba ako sa bahay ng magpapaliok, at, narito, siya'y gumagawa ng kaniyang gawa sa mga gulong. **4** At ng ang sisidlang putik na kaniyang ginagawa ay mabasag sa kamay ng magpapaliok, gumawa siya uli ng ibang sisidlan, ang minagaling na gawin ng magpapaliok.

**5** Ng magkagayo'y dumating sa akin ang salita ng PANGINOON, na nagsabing:

**6** Oh bahay ng Israel, ¿hindi ba ako makagagawa sa inyo na gaya ng magpapaliok na ito? sabi ng PANGINOON. Narito, kung paano ang putik sa kamay ng magpapaliok, gayon kayo sa kamay ko, Oh bahay ng Israel. **7** Sa aling sandali na magsasalita ako ng tungkol sa isang nasyon, at tungkol sa isang kaharian, upang bunutin, at upang ibagsak, at upang gibain; **8** kung ang nacióng yaon na aking pinagsalitaan, humiwalay sa kanilang kasam-an, ako'y magsisisi sa kasam-an na aking inisip gawin sa kanila.

**9** At sa ano mang sandali magsasalita ako ng tungkol sa isang nasyon, at tungkol sa isang kaharian, upang itayo at upang itanim; **10** kung gumawa ng kasam-an sa aking paningin, na huag sundin ang aking voces, kung magkagayo'y magsisisi ako sa mabuti, na aking ipinagsabing pakikinabangan nila. **11** Ngayon nga ay magpatuloy ka, salitain mo sa mga lalaki sa Juda, at sa mga mananahan sa Jerusalem, na iyong sabihing: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, ako'y nagpapasiya ng kasam-an laban sa inyo: at kumakatha ng katha laban sa inyo: humiwalay kayo bawa't isa sa inyo sa kaniyang masamang lakad, at inyong pabutihin ang inyong mga lakad at ang inyong mga gawa. **12** Ngunit kanilang sinabing: Walang pag-asa: sapagka't kami ay lalakad na susunod sa aming sariling mga katha, at kami ay gagawa bawa't isa ng ayon sa katigasan ng kaniyang masamang puso.

**13** Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON: Inyong itanong nga sa mga nasyon, ¿siyong nakarinig ng ganiyang mga bagay?; ang dalaga ng Israel ay gumawa ng totoong kakilakilabot na bagay. **14** ¿Magkukulang ba ng nieve sa Libanosa bato sa parang? o ¿ang mga malamig na tubig na umaagos mula sa malayo ay matutuyoba? **15** Sapagka't kinalilimutan ako ng aking bayan, sila'y nagsunog ng kamanyan sa kawalang kabuluhan; at sila'y nagpapatiosod sa kanilang mga lakad, sa mga dating landas, at nagpapalakad sa

mga landas, sa daan na hindi patag; **16** upang gawin ang kanilang lupain na isang katigilan, at walang hangang kakutyaan; lahat na nagdadaan doon ay matitigilan, at maggagalaw ng ulo. **17** Aking pangangalatin sila na gaya ng hangang silanganan sa harap ng kaaway; tatalikuran ako nila at hindi haharap, sa kaarawan ng kanilang kapahamakan.

**18** Ng magkagayo'y sinabi nilang: Kayo'y parito, at tayo'y kumatha ng mga katha laban kay Jeremias; sapagka't ang kautusan ay hindi mawawala sa sacerdote, o ang payo man sa pantas, o ang salita man sa profeta. Kayo'y parito, at ating sugatan siya ng dila at huag nating pansinin ang kaniyang mga salita.

**19** Pakingan mo ako, Oh PANGINOON at ulinigin mo ang voces nila na nakikipagtalo sa akin. **20** ¿Ilgaganti ba ang mabuti sa kasam-an? sapagka't kanilang iihukay ng hukay ang aking kalulua. Iyong alalahanin kung paanong ako'y tumayo sa harap mo upang magsalita ng ikabubuti nila, nang ihiwalay ang iyong pag-aalab ng loob sa kanila. **21** Kaya't ibigay mo ang kanilang mga anak sa kagutom, at ibigay mo sila sa kapangyarihan ng tabak; at ang kanilang mga asawa ay maging walang anak, at mga mabao; at ang kanilang mga asawa ay mangapatay sa kamatayan, at ang kanilang mga binata ay masugatan ng tabak sa pagbabaka. **22** Marinig ang daing mula sa kanilang mga bahay, pagka ikaw ay magdadala ng hukbo na bigla sa kanila: sapagka't sila'y humukay ng hukay upang kunin ako, at ipinagkubli ng mga silo ang aking mga paa. **23** Gayon man, PANGINOON, iyong talastas ang lahat nilang payo laban sa akin upang patayin ako; huag mong ipatawad ang kanilang kasam-an, o pawiin mo man ang kanilang kasalanan sa iyong paningin: kungdi sila'y matisod sa harap mo; gumawa ka sa kanila sa kaarawan ng iyong galit.

**19** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Ikaw ay yumaon, at bumili ka ng isang sisidlang lupa ng magpapaliok, at magsama ka ng mga matanda sa bayan, at sa mga matanda sa mga sacerdote; **2** at ikaw ay lumabas sa libis ng anak ni Hinom, na nasa tabi ng pasukan ng pintuang-daan ng Harsit, at itanyag mo doon ang mga salita na aking sasaysayin sa iyo: **3** at iyong sabihing: Inyong dingin ang salita ng PANGINOON, Oh mga hari sa

Juda, at mga mananahan sa Jurusalem; ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Narito, ako'y magdadala ng kasaman sa lugar na ito, na sino mang makarinig ay magpapatang ang kaniyang mga pakinig. **4** Sapagka't kanilang kinalimutan ako, at kanilang pinapaging iba ang lugar na ito, at nagsunog sila ng kamanyan dito sa mga dios ng iba, na hindi nila nakilala, nila at ng kanilang mga magulang at ng mga hari sa Juda; at pinnuo ang lugar na ito ng dugo ng mga walang sala; **5** at itinayo ang mga mataas na lugar ni Baal, upang sunugin ang kanilang mga anak sa apoy na mga pinakahandog na susunugin kay Baal; na hindi ko inutes, o sinalita man, o nasok man sa aking pag-iisip: **6** kaya't, narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng PANGINOON, na ang lugar na ito ay hindi na tatawaging Tofet, o Ang libis ng anak ni Hinom man, kungdi: Ang libis na Patayan. **7** At aking sasayanin ang payo ng Juda at ng Jerusalem sa lugar na ito; at aking mga ibubual sa pamamagitan ng tabak sa harap ng kanilang mga kaaway, at sa pamamagitan ng kamay ng mga umuusig ng kanilang buhay: at ang kanilang mga bangkay ay mabibigay na pinakapagkain sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop sa lupa. **8** At gagawin ko ang ciudad na ito na katigilan, at kasutsutan; lahat na magdadaan doon ay matitigilan at sosutsot dahil sa lahat na salot noon. **9** At ipakakain ko sa kanila ang laman ng kanilang mga anak na lalaki at ang laman ng kanilang mga anak na babaye, at sila'y kakain baw't isa ng laman ng kaniyang kaibigan, sa pagkakulong at sa kagipitan, na igigipit sa kanila ng kanilang mga kaaway, at ng mga umuusig ng kanilang buhay. **10** Kung magkagayo'y babasagin mo ang botella sa paningin ng mga lalaki na yumayaong kasama mo, at iyong sasabihin sa kanilang: **11** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Ganito ko babasagin ang bayang ito at ang ciudad na ito, gaya ng pagbasag ng isang sisidlan ng magpapaliok, na hindi mabubuo uli: at sila'y maglilibing sa Tofet hangang sa mawalan ng lugar na mapaglilibingan. **12** Ganito ang gagawin ko sa lugar na ito, sabi ng PANGINOON, at sa mga mananahan dito, ang gawin ang ciudad na ito na parang Tofet: **13** at ang mga bahay sa Jerusalem, at ang mga bahay ng mga hari sa Juda, na nahawa magiging gaya ng lugar ng Tofet,

lahat ng bahay na ang mga pulapo ay pinagsunogan ng kamanyan sa lahat ng hukbo sa langit, at pinagbulusan ng mga handog na inumin sa ibang mga dios.

**14** Ng magkagayo'y nagbalik si Jeremias mula sa Tofet, na pinagsuguan sa kaniya ng PANGINOON upang manghula; at siya'y tumayo sa looban ng bahay ng PANGINOON, at nagsabi sa boong bayang: **15** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Narito, ako'y magdadala sa ciudad na ito, at sa kaniyang lahat na bayan ng lahat na kasaman na aking sinalita laban doon; sapagka't kanilang pinatigas ang kanilang leeg, upang huag nilang marinig ang aking mga salita.

**20** Si Pasur nga, na anak ni Imer, na sacerdote, na siyang punong official sa bahay ng PANGINOON, nakarinig na si Jeremias ay nanghuhula ng mga bagay na ito. **2** Ng magkagayo'y sinugatan ni Pasur si Jeremias na profeta, at inilagay siya sa pangawan na nasa lalong mataas na pintuang-daan ng Benjamin, na nasa bahay ng PANGINOON. **3** At nangyari, sa kinabukasan, na inilabas ni Pasur si Jeremias mula sa pangawan. Ng magkagayo'y sinabi ni Jeremias sa kaniyang: Hindi tinawag ng PANGINOON ang iyong pangalan na Pasur, kungdi Magor-missabib. **4** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, gagawin kitang kakilabutan sa iyong sarili, at sa lahat mong mga kaibigan: at sila'y mabubual sa pamamagitan ng tabak ng kanilang mga kaaway, at mamamadan ng iyong mga mata: at ibibigay ko ang boong Juda sa kamay ng hari sa Babilonia, at kaniyang dadalhin sila na bihas sa Babilonia, at papatayin sila ng tabak. **5** Bukod dito ay ibibigay ko ang lahat na kayamanan ng ciudad na ito, at ang lahat na pakinabang nito, at ang lahat na mahalagang lagay nito, oo, ang lahat na kayamanan ng mga hari sa Juda ay ibibigay ko sa kamay ng kanilang mga kaaway na sasamsam sa kanila, at hululi sa kanila, at magdadala sa kanila sa Babilonia. **6** At ikaw, Pasur, at lahat na tumatalan sa iyong bahay ay papasok sa pagkabitang at paroroon ka sa Babilonia, at doon ka mamamatay, at doon ka malilibing; ikaw, at ang lahat mong mga kaibigan, na iyong pinanghulaan na may kasinungalingan.

**7** Oh PANGINOON, iyong dinaya ako, at ako'y nadaya: ikaw ay lalong malakas kay sa akin, at nanaig ka: ako'y naging

katatawanan araw-araw, lahat ay tumutuya sa akin. **8** Sapagka't kung paanong kadalas nagsalita ako, humihiyaw ako; humihiyaw akong: Pangdadabas at pananamsam: sapagka't ang salita ng PANGINOON ay naging kakutyaan sa akin at kadustaan lahat ng araw. **9** At kung aking sabihing: Hindi ko babangitin siya, o magsasalita ng ano pa man sa kaniyang pangalan, mairoon nga sa aking puso na parang nag-aalab na apoy na nasasarhan sa aking mga buto, at ako'y pagod ng pagpipigil, at hindi makapagpipigil. **10** Sapagka't aking narinig ang pagpintas ng marami, kakilabutan sa lahat ng dako, Kayo'y magsumbong, at aming isusumbong siya, *sabi ng* lahat ng mga kasamasama kong kaibigan na nagsisipahintay ng aking pagkapilay; marahil siya'y madadaya, at tayo'y mananaig laban sa kaniya, at tayo'y makagaganti sa kaniya. **11** Ngunit ang PANGINOON ay sumasaakin na parang makapangyarihan at kakilakilabot: kaya't ang mga manghahabol sa akin ay matitised, at sila'y hindi mananaig: sila'y mapapahiyang mainam, sapagka't sila'y hindi gumawang may karunungan, ng walang hangang kapintasan na hindi malilimutan. **12** Ngunit, Oh PANGINOON ng mga hukbo, na sumusubok ng banal, at nakakakita ng mga pag-iisip at ng puso, ipakita mo sa akin ang iyong panghihiganti sa kanila; sapagka't sa iyo ay inihayag ko ang aking usap. **13** Kayo'y umawit sa PANGINOON, pumuri kayo sa PANGINOON: sapagka't kaniyang iniligtas ang kalulua ng mapagkailangan mula sa kamay ng mga mangagawa ng kasam-an.

**14** Sumpain ang araw na kinapanganakan sa akin: huag pagpalain ang araw na kinapanganakan sa akin ng aking ina. **15** Sumpain ang lalaki na nagdala ng balita sa aking ama, na nagsabing: Isang lalaki ay ipinanganak sa iyo; na pinasaya siyang mainam. **16** At maging ang lalaking yaon na gaya ng mga ciudad na giniba ng PANGINOON, at hindi pinagsisihan: at makarinig siya ng sigaw sa umaga, at pagsutsot sa katanghaliang tapat; **17** sapagka't hindi pinatay niya ako sa bahay-bata; at sa gayo'y naging libingan ko sana ang aking ina, at ang kaniyang bahay-bata ay naging laging malaki sana. **18** Bakit nga ako'y nalabas sa bahay-bata upang makakita ng kapagalan at kapanlawan, upang ang aking mga araw ay mapawing may kahihyan?

**21** Ang salita na dumating kay Jeremias na mula sa PANGINOON, ng suguin ng PANGINOON sa kaniya si Pasur na anak ni Malkias, at si Zefanias na anak ni Manasias na sacerdote, na sinabing: **2** Isinasamo ko sa iyo, na ipag-usisa mo kami sa PANGINOON; sapagka't si Nebukadrezar na hari sa Babilonia, bumabaka laban sa amin: marahil ang PANGINOON ay gagawa sa amin ng ayon sa lahat niyang kanianghamanghang gawa, upang siya'y sumampa na lisan tayo.

**3** Ng magkagayo'y sinabi ni Jeremias sa kanilang: Ganito ang iyong sasabihin kay Zedekias: **4** Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel; Narito, ibabalik ko ang mga sandata na pangbaka na nasa inyong mga kamay, na inyong ibinabaka laban sa hari sa Babilonia, at laban sa mga Kaldeo na kinukulong ninyo, sa labas ng mga kuta, at aking mga pipisarin sa gitna ng ciudad na ito. **5** At ako sa aking sarili ay babaka laban sa inyo na may unat na kamay, at may malakas na brazo, sa galit, at sa pag-aalab ng loob, at sa malaking pag-iinit. **6** At aking susugatan ang mga mananahan sa ciudad na ito, ang tawo at gayon din ang hayop: sila'y mamamatay sa malaking pagkasalot. **7** At pagkatapos, sabi ng PANGINOON, aking ibibigay si Zedekias na hari sa Juda, at ang kaniyang mga alipin, at ang bayan, yaong mga naiwan sa ciudad na ito na mula sa pagkasalot, mula sa tabak, at mula sa kagutom, sa kamay ni Nebukadrezar na hari sa Babilonia, at sa kamay ng kanilang mga kaaway, at sa kamay niyang mga umuusig ng kanilang buhay: at kaniyang susugatan sila ng talim ng tabak; hindi niya patatawarin sila, o kahihinayang man, o kaaawaan man. **8** At sa bayang ito ay sasabihin mong: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, inilalagay ko sa harap ninyo ang daan ng buhay at ang daan ng kamatayan. **9** Ang tumatahan sa ciudad na ito ay mamamatay sa pamamag-itan ng tabak at sa pamamag-itan ng kagutom, at sa pamamag-itan ng salot: ngunit ang lumalabas at kumakampi sa mga Kaldeo na kumukulong sa inyo, siya'y mabubuhay, at ang kaniyang buhay ay magiging sa kaniya'y pinakahuli. **10** Sapagka't itinitig ko ang mukha ko sa ciudad na ito sa ikasasama, at hindi sa ikabubuti, sabi ng PANGINOON: mabibigay sa kamay ng

hari sa Babilonia, at kaniyang susumugin ng apoy.

**11** At tungkol sa bahay ng hari sa Juda, inyong dingin ang salita ng PANGINOON: **12** Oh bahay ni David, ganito ang sabi ng PANGINOON: Gumawa ka ng kahatulan sa umaga, at iligtas mo ang samsam sa kamay ng mang-aapi, baka ang aking pag-aalab ng loob ay lumabas na parang apoy, at magningas na walang makapatay, dahil sa kasam-an ng inyong mga gawa. **13** Narito, ako'y laban sa iyo, Oh mananahan sa libis, at sa bato ng kapatagan, sabi ng PANGINOON; kayong nagsabing: ¿Sinong bababang laban sa atin? o ¿sinong papasok sa ating mga tahanan? **14** at aking parurusahan kayo ayon sa bunga ng inyong mga gawa, sabi ng PANGINOON: at ako'y magpapaningas ng apoy sa kaniyang gubat, at susupukin noon ang lahat na usa palibot noon.

**22** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Iyong babain ang bahay ng hari sa Juda, at iyong salitain doon ang salitang ito, **2** at iyong sabihing: Dingin mo ang salita ng PANGINOON, Oh hari sa Juda, na nauupo sa luklukan ni David, mo at ng inyong mga alipin, at ng inyong bayan na punapasok sa mga pintuang-daang ito. **3** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Gumawa kayo ng kahatulan at ng kabanalan, at iligtas ninyo ang samsam sa kamay ng mang-aapi: at huag kayong gumawa ng kamalian, huag kayong gumawa ng pangdadahas sa taga ibang lupa, sa ulila, o sa babayeng baoman, o magbubo man ng walang salang dugo sa lugar na ito. **4** Sapagka't kung tunay na inyong gawin ang bagay na ito, papasok nga sa mga pintuang-daan ng bahay na ito ang mga hari na nauupo sa luklukan ni David, na nakasakay sa mga karro at sa mga kabayo, siya at ang kaniyang mga alipin, at ang kaniyang bayan. **5** Ngunit kung hindi ninyo didingin ang mga salitang ito, ako'y susump sa aking sarili, sabi ng PANGINOON, na ang bahay na ito ay magiging kagibanan. **6** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON tungkol sa bahay ng hari sa Juda: Ikaw ay Gilead sa akin, at ulo ng Libano: gayon ma'y tunay na gagawin kitang isang ilang, at mga ciudad na hindi tinatahanan. **7** At ako'y naghahanda ng mga mangi giba laban sa iyo, baw't isa'y may kaniyang mga kasakbatan: at kanilang puputulin ang iyong mga piling cedro, at

mga ihahagis sa apoy. **8** At maraming nasyon ang dadaan sa ciudad na ito, at sila'y magsasabi baw't isa sa kaniyang kapua: ¿Bakit gumawa ang PANGINOON ng ganito sa malaking ciudad na ito? **9** Kung magkagayo'y sasagot silang: Sapagka't kanilang pinabayaan ang tipan ng PANGINOON na kanilang Dios, at sumamba sa mga dies ng iba, at mga pinaglingkuran.

**10** Huag ninyong iyakan ang patay, o panaghuyan man ninyo siya: kungdi iyakan ninyong mainam ang yumayon; sapagka't hindi na siya babalik, o makikita man niya ang kaniyang lupaing tinubuan. **11** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON tungkol kay Sallu na anak ni Josias, na hari sa Juda, na nagharing kahalili ni Josias na kaniyang ama, na lumabas sa lugar na ito: Siya'y hindi na magbabalik pa rito; **12** kungdi sa lugar na pinagdahan sa kaniyang bihag, doon siya mamamata'y, at hindi na niya makikita ang lupaing ito.

**13** Sa aba niya na nagtatayo ng kaniyang bahay sa pamamag-itan ng di kabanalan, at ng kaniyang mga silid sa pamamag-itan ng kalikuan; na gumagamit ng paglilingkod ng kaniyang kapua na walang upa, at hindi nagbibigay siya sa kaniya ng kaniyang kabayaran; **14** na nagsasabing: Ako'y nagtatayo ng maluang na bahay at maluang na mga silid, at nagpapaluang ng mga dungawan; at nilalangitan ng cedro, at kinukulayan ng pula. **15** ¿Ikaw ba'y maghahari, sapagka't ikaw ay nagmamalaki ng dahil sa cedro? ¿hindi ba ang iyong ama ay kumain at uminom, at gumawa ng kahatulan at kutuiran? ng magkagayo'y naging mabuti sa kaniya. **16** Kaniyang hinatulan ang usap ng dukha at mapagkailangan; ng magkagayo'y naging mabuti. ¿Hindi ba ito ang pagkilala sa akin? sabi ng PANGINOON. **17** Ngunit ang iyong mga mata at ang iyong puso ay sa kasakiman lamang, at upang magbulos ng walang salang dugo, at sa kapighatian, at sa karahasan, upang gawin. **18** Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON tungkol kay Joakim na anak ni Josias, na hari sa Juda: Hindi nila tataghuyan siya, na sasabihing: ¿Ah kapatid na lalaki ko! o, ¿Ah kapatid na babaye ko! hindi nila tataghuyan siya, na sasabihing: ¿Ah panginoon! o, ¿Ah kaniyang kaulathatian! **19** Siya'y malilibing ng libing ng asno, hagsis at tapon



sa labas ng mga pintuang-daan ng Jerusalem.

20 Ikaw ay sumampa sa Libano, at humiyaw: at ilakas mo ang iyong voces sa Basan: at ikaw ay humiyaw mula sa Abarim; sapagka't lahat ng manliligaw sa iyo ay nabual. 21 Ako'y nagsalita sa iyo sa iyong kaginhawahan; nguni't iyong sinabing: Hihdi ko didingin. Ito ang naging iyong paraan mula sa iyong kabataan, na hindi mo dininig ang aking voces. 22 Lalamunin ng hangin ang lahat mong pastor, at ang mga manliligaw sa iyo ay papasok sa pagkabiha: tunay ngang ikaw ay mapapahiya at malilito dahil sa lahat mong kasam-an. 23 Oh mananaban sa Libano, na ginagawa mo ang iyong pugad sa mga cedro, pagkahinahinayang mo pagka ang mga kapahamakan ay dumating sa iyo, ang sakit na gaya ng babaye sa pagdaramdam! 24 Buhay ako, sabi ng PANGINOON, baga man si Konias na anak ni Joakim na hari sa Juda ang takda na singsing sa aking kanang kamay, gayon may aking huhugutin kita mula roon; 25 at aking ibibigay kita sa kamay ng mga umuusig ng iyong buhay, at sa kamay nila na iyong kinatakatutan, sa kamay ni Nebukadrezar na hari sa Babilonia, at sa kamay ng mga Kaldeo. 26 At aking itutulak kita, at ang iyong ina na nanganak sa iyo, sa ibang lupain, na hindi kinapanganakan sa inyo; at doon kayo mamamatay. 27 Nguni't sa lupaing na pinagnanasaan ng kanilang kalulua na pagbalikan, doon hindi sila babalik. 28 Ito bang lalaking si Konias ay isang sisidlang basag na walang kabuluhan? I siya ba'y sisidlan na hindi kinalluguran? I bakit kanilang itinutulak, siya at ang kaniyang binhi, at inihagis sa lupain na hindi nila kilala? 29 Oh lupa, lupa, lupa, iyong dingin ang salita ng PANGINOON. 30 Ganito ang sabi ng PANGINOON: Isulat ninyo ang lalaking ito na walang anak, ang lalaki na hindi giginhawa sa kaniyang mga kaarawan: sapagka't walang tawo sa kaniyang binhi na giginhawa, na nauupo sa luklukan ni David, at hindi na nagpupuno pa sa Juda.

**23** I Sa aba ng mga pastor na lumilipol at nagpapangalat sa mga tupa sa aking pasabsaban! sabi ng PANGINOON. 2 Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel, laban sa mga pastor na

nagpapasabsab ng aking bayan: Inyong pinangalat ang aking kawan, at inyong mga iniligaw, at hindi ninyo mga dinalaw; narito, dadalawin ko sa inyo ang kasaman ng inyong mga gawa, sabi ng PANGINOON. 3 At aking pipisanin ang nalabi sa aking kawan mula sa lahat na lupain na aking mga pinagtabuyan sa kanila, at aking dadalhin sila uli sa kanilang mga kulungan; at sila'y magiging palaanak at dadami. 4 At ako'y maglalagay ng pastor sa kanila na magpapasabsab sa kanila: at hindi na sila matatakot, o manlulupaypay pa, o kukulangin ang sino man sa kanila, sabi ng PANGINOON.

5 Narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng PANGINOON, na ako'y magbabangon kay David ng banal na Sanga, at siya'y maghahari na parang hari, at gagawang may kapantasan, at gagawa ng kahatulan at katuiran sa lupain. 6 Sa kaniyang mga kaarawan ay maliligtas ang Juda, at ang Israel ay tatahang ligtas: at ito ang kaniyang pangalan na itatawag sa kaniya: Ang PANGINOON ay aming kabanalan. 7 Kaya't narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng PANGINOON, na hindi na nila sasabihing: Buhay ang PANGINOON; na nagsampa ng mga anak ng Israel mula sa lupain ng Egipto; 8 kungdi, Buhay ang PANGINOON, na nagsampa at pumatnubay sa binhi ng bahay ng Israel mula sa hilagaang lupain, at mula sa lahat ng lupain na aking pinagtabuyan sa kanila; at sila'y tatahan sa kanilang sariling lupain.

9 Tungkol sa mga profeta. Ang puso ko sa loob ko ay basag, lahat kong mga buto ay nanginginig; ako'y gaya ng langong lalaki at gaya ng lalaki na dinaig ng alak; dahil sa PANGINOON, at dahil sa kaniyang mga bawal na salita. 10 Sapagka't ang lupain ay puno ng mga mangangalunya; sapagka't dahil sa sumpa ay tumatangis ang lupain; ang mga pasabsaban sa ilang ay natuyo; at ang kanilang mga takbo ay kasam-an, at ang kanilang lakas ay hindi matuid. 11 Sapagka't ang profeta at gayon din ang sacerdote ay marumi; oo, sa aking bahay ay nasumpungan ko ang kanilang kasam-an, sabi ng PANGINOON. 12 Kaya't ang kanilang daan ay magiging sa kanila'y parang mga madulas na lugar sa kadihiman: sila'y papatnubayan, at mabubual doon: sapagka't ako'y magdadala ng kasam-an sa kanila, ng taon ng pagdalaw sa kanila, sabi ng PANGINOON.

**13** At ako'y nakakita ng kamangmangan sa mga profeta sa Samaria; sila'y nanghuhula sa pamamag-itan ni Baal, at inililigaw ang aking bayang Israel. **14** Sa mga profeta sa Jerusalem naman ay nakakita ako ng kakilakilabot na bagay; sila'y nagkakamit ng pangangalunya, at lumalakad sa mga kasinungalingan, at kanilang pinalalakas ang mga kamay ng mga mangagawa ng kasam-an, na ano pa't walang humihiwalay sa kaniyang kasam-an: silang lahat ay naging parang Sodoma sa akin, at ang mga mananahan dito ay parang Gomorra.

**15** Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo tungkol sa mga profeta: Narito, aking pakakanin sila ng ajenjo, at painumin ko sila ng tubig na mapait: sapagka't sa mga profeta sa Jerusalem ay lumabas ang pagdami sa boong lupain. **16** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Huag ninyong dingin ang mga salita ng mga profeta na nanghuhula sa inyo; sila'y nagtuturo sa inyo ng kawalang kabuluhan: sila'y nagsasalita ng malikmata ng kanilang sariling puso, at hindi mula sa bibig ng PANGINOON. **17** Kanilang sinasabing lagi sa kanila na muwawalang kabuluhan sa aking: Sabi ng PANGINOON: Kayo'y magkakaroon ng kapayapaan; at sa bawa't isa na lumalakad sa katigasan ng kaniyang sariling puso ay sinasabi nilang: Walang kasam-ang darating sa inyo. **18** Sapagka't, ¿sinong tumayo sa payo ng PANGINOON, upang makamalas at makarinig ng kaniyang salita? ¿sinong nagguhit ng aking salita at nakarinig? **19** Narito, ang bagyo ng PANGINOON, ang kaniyang pag-aalab ng loob, ay lumabas, oo, ipoi-pong bagyo: babasag sa ulo ng masama. **20** Ang galit ng PANGINOON ay hindi babalik, hangang sa siya'y makagawa, at hangang sa kaniyang matupad ang haka ng kaniyang puso: sa mga huling araw ay inyong matatalastas na maigi. **21** Hindi ko sinugo ang mga profetang ito, gayon ma'y tumakbo sila: ako'y hindi nagsalita sa kanila, gayon ma'y nanghula sila. **22** Ngunit kung sila'y tumayo sa aking payo, kanila ngang naiparinig ang aking mga salita sa aking bayan, at kanilang naihiwalay sa kanilang masamang lakad, at sa kasam-an ng kanilang mga gawa. **23** ¿Ako ba'y Dios *lamang* sa malapit, sabi ng PANGINOON, at hindi Dios sa malayo? **24** ¿May makapagkukubli bang sino man sa mga lihim na lugar na hindi

ko makikita siya? sabi ng PANGINOON. ¿Hindi ba pinuno ko ang langit at ang lupa? sabi ng PANGINOON. **25** Aking narinig kung ano ang sinabi ng mga profeta, na nanghuhula ng mga kasinungalingan sa aking pangalan, na nagsasabing: Ako'y nanaginip, ako'y nanaginip. **26** ¿Hangang kailan masusumpungan ito sa puso ng mga profeta na nanghuhula ng mga kasinungalingan; ng mga profeta ng daya ng kanilang sariling puso? **27** nanag-aakalang magpalimot sa aking bayan ng aking pangalan sa pamamag-itan ng kanilang mga nanaginip na kanilang sinasabi bawa't isa sa kaniyang kapua, gaya ng kanilang mga magulang na nakalimot ng aking pangalan dahil kay Baal. **28** Ang profeta na nanaginip, saysayin niyang isang panaginip; at siyang nagtamo ng aking salita, salitain niya ang aking salita na may pagtatapat. ¿Ano ang dayami sa trigo? sabi ng PANGINOON. **29** ¿Hindi ba ang aking salita ay parang apoy? sabi ng PANGINOON; at parang pamukpok na nagpipirapiraso ng bato?

**30** Kaya't narito, ako'y laban sa mga profeta, sabi ng PANGINOON na ninanakaw ang aking mga salita ng bawa't isa sa kaniyang kapua. **31** Narito, ako'y laban sa mga profeta, sabi ng PANGINOON, na gumagamit ng kaniyang mga dila, at nagsasabing: Kaniyang sinasabing: **32** Narito, ako'y laban sa kanila na nanghuhula ng mga magdarayang panaginip, sabi ng PANGINOON, at mga sinasaysay, at inililigaw ang aking bayan sa pamamag-itan ng kanilang mga kasinungalingan, at sa pamamag-itan ng kanilang walang kabuluhang kahambugan: gayon man ay hindi ko sinugo sila, o inutusan ko man sila; at hindi man pakikinabangin nila ang bayang ito sa ano mang paraan, sabi ng PANGINOON. **33** At pagka ang bayang ito, o ang profeta, o ang sacerdote magtatamong sa iyo, na magsasabing: ¿Ano ang pasan sa PANGINOON? iyo ngang sasabihin sa kanilang: ¿Anong pasan! Aking itatakuil kayo, sabi ng PANGINOON. **34** At tungkol sa profeta at sa sacerdote, at sa bayan, na magsasabing: Ang pasan sa PANGINOON, aking parurusahan ang lalaking yaon at ang kaniyang bahay. **35** Ganito ang inyong sasabihin bawa't isa sa kaniyang kapua, at bawa't isa sa kaniyang kapatid: ¿Ano ang isinagot ng PANGINOON? at ¿Ano ang sinalita ng PANGINOON? **36** At ang pasan sa PANGINOON ay hindi na niyo babangitin pa: sapag-

ka't bawāt sariling salita ng tawo ay magiging kaniyang pasan; sapagka't inyong hinamak ang mga salita ng buhay na Dios, ng PANGINOON ng mga hukbo na ating Dios. **37** Ganito ang iyong sasabihin sa profeta: *¿Ano ang isinagot sa iyo ng PANGINOON? at, ¿Ano ang sinalita ng PANGINOON?* **38** Ngunit kung inyong sabihing: Ang pasan sa PANGINOON; ganito nga ang sabi ng PANGINOON: Sapagka't inyong sinasabi ang salitang ito: Ang pasan sa PANGINOON, at ako'y nag-sugo sa inyo, na sinabi kong: Huag ni-nyong sasabihing: Ang pasan sa PANGINOON; **39** kaya't, narito, aking lubos na kalilimutan kayo, at aking itatakuil kayo, at ang ciudad na ibinigay ko sa inyo at sa inyong mga magulang, mula sa aking harap: **40** at ako'y magdadala ng walang hangang kakutyaan sa inyo, at walang hangang kahihayan, na hindi malilimutan.

**24** Ang PANGINOON ay nagpakita sa akin, at, narito, dalawang bakol na higos ay nakalagay sa harap ng templo ng PANGINOON; pagkatapos na madalang bihag ni Nebukadrezar na hari sa Babilonia si Jekonias na anak ni Joakim, hari sa Juda, at ang mga pangulo sa Juda, na kasama ng mga mangagawa at ng mga manbabakal, mula sa Jerusalem, at madala sila sa Babilonia. **2** Ang isang bakol ay may mga totoong mabuting higos, na gaya ng mga higos na mga unang hinog: at ang isang bakol ay may mga totoong masamang higos, na hindi makain, mga napakasama. **3** Ng magkagayo'y sinabi ng PANGINOON sa aking: *¿Anong iyong nakikita, Jeremias? At aking sinabing: Mga higos; ang mga mabuting higos, totoong mabuti; at ang masama totoong masama na hindi makakain, mga napakasama.* **4** At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **5** Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel: Kung paano ang mga mabuting higos na ito, gayon ko kikilalanin ang mga bihag sa Juda, na aking pinapagpaalam mula sa lugar na ito na patungo sa lupain ng mga Kaldeo, sa ikabubuti. **6** Sapagka't aking itititig ang aking mga mata sa kanila sa ikabubuti, at aking dadalhin sila uli sa lupaing ito: at aking mga itatayo, at hindi ko mga itutulak; at aking mga itatanim, at hindi ko mga bubunutin. **7** At aking mga bibigyan ng puso upang

makilala ako, na ako ang PANGINOON: at sila'y magiging aking bayan, at ako'y magiging kanilang Dios: sapagka't sila'y magbabalik sa akin ng kanilang boong puso. **8** At tungkol sa mga masamang higos, na hindi makakain, mga napakasama; tunay na ganito ang sabi ng PANGINOON: Sa gayo'y pababayaang ko si Zedekias na hari sa Juda, at ang kaniyang mga pangulo, at ang nalabi sa Jerusalem, na naiwan sa lupaing ito, at ang mga tumatahan sa lupain ng Egipto: **9** akin silang pababayaang upang hamaking paroo't parito sa gitna ng lahat na kaharian sa lupa sa ikasasama; upang maging kadustaan, at kawikaan, kabiruan at sumpa, sa lahat ng lugar na aking pagtatabuyan sa kanila. **10** At aking susuguin ang tabak, ang kagutom, at ang salot, sa gitna nila, hangang sa sila'y malipol sa lupain na ibinigay ko sa kanila at sa kanilang mga magulang.

**25** Ang salita na dumating kay Jeremias tungkol sa boong bayan ng Juda sa ikaapat na taon ni Joakim na anak ni Josias, na hari sa Juda; siya ring unang taon ni Nebukadrezar na hari sa Babilonia; **2** na siyang sinalita ni Jeremias na profeta sa boong bayan ng Juda, at sa lahat ng mananahan sa Jerusalem, na nagsabing: **3** Mula sa ikalabing tatlong taon ni Josias na anak ni Amon, na hari sa Juda, hangang sa araw na ito, nitong dalawang puo't tatlong taon, ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, at aking sinalita sa inyo na bumangong maaga, at nagsalita; ngunit hindi ninyo dininig. **4** At sinugo ng PANGINOON sa inyo ang lahat niyang mga alipin na mga profeta na gumising na maaga, at mga sinugo; ngunit hindi ninyo dininig, o ikiniling man ninyo ang inyong pakinig upang makinig; **5** na nagsabing: Kayo'y humiwalay bawāt isa sa kaniyang masamang lakad, at sa kasaman ng inyong mga gawa, at kayo'y tumahan sa lupain na ibinigay ng PANGINOON sa inyo at sa inyong mga magulang, mula ng una at hangang sa magpakailan pa man: **6** at huag kayong yumaong sumunod sa ibang mga dios upang maglingkod sa kanila, at upang sumamba sa kanila, at huag ninyo akong mungkahihin sa galit ng gawa ng inyong mga kamay; at hindi ko kayo sasaktan. **7** Gayon ma'y hindi kayo nakinig sa akin, sabi ng PANGINOON; upang mungkahihin ninyo

ako sa galit, ng gawa ng inyong mga kamay sa inyong sariling ikasasakit. **8** Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Sapagka't hindi ninyo dininig ang aking mga salita, **9** narito, ako'y magsusugo at kukunin ko ang lahat na kamag-anakan sa hilagaan, sabi ng PANGINOON, at ako'y magsusugo kay Nebukadrezar na hari sa Babilouia, na aking alipin at aking mga dadalhin laban sa lupaing ito, at laban sa mga mananahan dito, at laban sa lahat ng nacióng ito sa palibot; at aking lubos na lilipulin sila, at gagawin ko silang katigilan, at kasutsutan, at mga walang hangang kagibaan. **10** Bukod dito'y aalisin ko sa kanila ang voces ng kalayawan at ang voces ng kasayahan, ang voces ng novio at ang voces ng novia, ang tunog ng mga gilingan at ang liwanag ng pananlaw. **11** At ang boong lupaing ito ay magiging kagibaan, at katigilan; at ang mga nacióng ito ay maglilingkod sa hari sa Babilonia na pitong puong taon. **12** At mangyayari, pagkaganap ng pitong puong taon, na aking parurusahan ang hari sa Babilonia at ang nacióng yaon, sabi ng PANGINOON, dahil sa kanilang kasam-an, at ang lupain ng mga Kaldeo; at aking gagawing giba magpakailan man. **13** At aking dadalhin sa lupaing yaon ang lahat na aking salita na aking sinalita laban doon, lahat ng nakasulat sa librong ito, na hinulaan ni Jeremias laban sa lahat na nacion. **14** Sapagka't maraming nacion at mga dakilang hari ay mga paglilingkuran nila: at gagantihan ko sila ayon sa kanilang mga gawa, at ayon sa gawa ng kanilang mga kamay.

**15** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel, sa akin: Kunin mo itong kopa ng alak ng pag-aalab ng loob sa aking kamay, at painumin mo ang lahat na nacion na sinugo ko sa iyo. **16** At sila'y iinom at hahapay na paroo't parito, at magiging ulol dahil sa tabak na aking susugin sa gitna nila. **17** Ng magkagayo'y kinuha ko ang kopa sa kamay ng PANGINOON, at pinainom ko ang lahat na nacion na pinagsuguan sa akin ng PANGINOON: **18** ang Jerusalem, at ang mga ciudad ng Juda, at ang mga hari noon, at ang mga pangulo noon, upang mga gawing kagibaan, katigilan, kasutsutan, at kasumpaan; gaya sa araw na ito; **19** si Faraong hari sa Egipto, at ang kaniyang mga alipin, at ang kaniyang mga pangulo, at ang boong bayan niya;

**20** at ang lahat ng halohalong bayan, at ang lahat ng hari sa lupain ng Uz, at ang lahat ng hari sa lupain ng mga Filisteo, at ang Askelon, at ang Gaza, at ang Ekron, at ang nalabi sa Asdod; **21** ang Edom, at ang Moab, at ang mga anak ni Ammon; **22** at ang lahat ng hari sa Tiro, at ang lahat ng hari sa Zidon, at ang hari sa pulo na nasa dako roon ng dagat; **23** ang Dedan, at ang Tema, at ang Buz, at lahat na pumuputol ng mga laylayan ng kanilang buhok; **24** at ang lahat ng hari sa Arabia, at ang lahat ng hari sa halohalong bayan na tumatatahan sa ilang; **25** at ang lahat ng hari sa Zimri, at ang lahat ng hari sa Elam, at ang lahat ng hari ng mga Medo; **26** at ang lahat ng hari sa hilagaan, malayo't malapit, na isa't isa; at ang lahat ng kaharian sa sanglibutan, na nasa balat ng lupa: at ang hari sa Sesak ay inom pagkatapos nila. **27** At iyong sasabihin sa kanilang: Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Kayo'y uminom, at kayo'y magpakalasing, at kayo'y sumuka, at mabual, at huag na kayong bumanong dahil sa tabak na aking susugin sa inyo. **28** At mangyayari, kung sila'y tumanging kumuha ng kopa sa iyong kamay upang uminom, sasabihin mo nga sa kanilang: Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Kayo'y tunay na inom. **29** Sapagka't, narito, ako'y nagpapasimulang gumawa ng kasam-an sa ciudad na tinawag sa aking pangalan, at kayo ba'y lubos na hindi maparusahan? Kayo'y walang pagsalang parurusahan: sapagka't aking tatawagin ang tabak sa lahat ng mananahan sa lupa, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. **30** Kaya't ihula mo laban sa kanila ang lahat ng mga salitang ito, at sabihin mo sa kanilang: Ang PANGINOON ay aangal mula sa itaas, at ilalakas ang kaniyang voces mula sa kaniyang santong tahanan; siya'y aangal na makapangyarihan laban sa kaniyang kulungan; siya'y susutsot, gaya nila na yumayapak ng uwas, laban sa lahat na mananahan sa lupa. **31** Ang ingay ay darating hangang sa wakas ng lupa; sapagka't ang PANGINOON ay may pakikipag-usap sa mga nacion, siya'y makikipag-usapin sa lahat ng laman; tungkol sa masama ay kaniyang mga ibibigay sa tabak, sabi ng PANGINOON.

**32** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Narito, kasam-an ay lalabas

sa nasyon at nasyon, at malakas na bagyo ay babangon mula sa mga kabuluhuhang bahagi ng lupa. **33** At ang patay ng PANGINOON sa araw na yao'y magiging mula sa isang dulo ng lupa hangang sa kabilang dulo ng lupa: sila'y hindi tataghuyan, o dadamputin man, o ililibing man; sila'y magiging dumi sa balat ng lupa. **34** Kayo'y umangal, kayong mga pastor, at kayo'y humiyaw; at kayo'y mangagsigumon sa *abo*, kayong pinakamainam sa kawan; sapagka't ang mga araw ng pagpatay sa inyo ay lubos na dumating, at aking mga pagpipirapirasuhin kayo, at kayo'y mabubual na gaya ng kaayaayang sisidlan. **35** At ang mga pastor ay walang daang tatakasan, o tataananan man ang pinakamainam sa kawan. **36** Voces ng hiyaw ng mga pastor, at ng angal ng pinakamainam sa kawan! sapagka't inilalagay ng PANGINOON na sira ang kanilang pasababan. **37** At ang mga payapang kulungan ay nadala sa katahimikan dahil sa mabangis na galit ng PANGINOON. **38** Kaniyang pinabayaan ang kaniyang kublilian na parang leon: sapagka't ang kanilang lupain ay naging katigilan dahil sa kabangisan ng mamimighating *tabak*, at dahil sa kaniyang mabangis na galit.

**26** Sa pasimula ng paghahari ni Joakim na anak ni Josias, na hari sa Juda, dumating ang salitang ito na mula sa PANGINOON, na nagsabing: **2** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Tumayo ka sa looban ng bahay ng PANGINOON, at salitain mo sa lahat ng ciudad sa Juda, na napanoroon upang sumamba sa bahay ng PANGINOON, ang lahat na salita na iniutos ko sa iyo upang salitain sa kaniya; huag kang magbawas ng kahit isang salita. **3** Marahil ay kanilang didingin, at hihiwalay ang baw't tawo sa kaniyang masamang lakad; upang aking mapagsisihan ang kasam-an na aking pinasiyahang gawin sa kanila dahil sa kasam-an ng kanilang mga gawa. **4** At iyong sasabihin sa kanilang: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Kung hindi ninyo didingin ako, upang lumakad sa aking kautusan, na aking inilagay sa harap ninyo, **5** upang makinig sa mga salita ng aking mga alipin na mga profeta, na aking sinusugo sa inyo, bumabangon akong maaga at sinusugo ko sila, nguni't hindi ninyo pinakingan; **6** akin ngang gagawin ang bahay na ito na parang Silo at gagawin

ko ang ciudad na ito na sumpa sa lahat ng nasyon sa lupa. **7** At narinig ng mga sacerdote, at ng mga profeta, at ng boong bayan si Jeremias na nagsasalita ng mga salitang ito sa bahay ng PANGINOON. **8** At nangyari, ng si Jeremias ay makatapos na makapanalita ng lahat na iniutos ng PANGINOON sa kaniya na salitain sa boong bayan, na hinuli siya ng mga sacerdote, at ng mga profeta, at ng boong bayan, na nagsabing: Ikaw ay walang pagsalang mamamatay. **9** Bakit ikaw ay nanghula sa pangalan ng PANGINOON, na nagsabing: Ang bahay na ito ay magiging gaya ng Silo, at ang ciudad na ito ay magiging giba na mawawalan ng mananahan? At ang boong bayan ay nagpipisan kay Jeremias sa bahay ng PANGINOON.

**10** At ng marinig ng mga pangulo sa Juda ang mga bagay na ito, sila'y sumampa sa bahay ng PANGINOON na mula sa bahay ng hari; at sila'y naupo sa pasukan ng bagong pintuang-daan ng bahay ng PANGINOON. **11** Ng magkagayo'y nagsalita ang mga sacerdote at ang mga profeta sa mga pangulo at sa boong bayan, na sinabing: Ang lalaking ito ay marapat patayin; sapagka't siya'y nanghula laban sa ciudad na ito, gaya ng inyong narinig ng inyong mga pakinig. **12** Ng magkagayo'y nagsalita si Jeremias sa lahat ng pangulo at sa boong bayan, na nagsabing: Ang PANGINOON ay nagsugo sa akin upang manghula laban sa bahay na ito at laban sa ciudad na ito ng lahat na salita na inyong narinig. **13** Kayat ngayo'y pabutihin ninyo ang inyong mga lakad at ang inyong mga gawa, at inyong sundin ang voces ng PANGINOONG inyong Dios; at pagsisisihan ng PANGINOON ang kasam-an na kaniyang sinalita laban sa inyo. **14** Nguni't tungkol sa akin, narito, ako'y nasa inyong kamay: inyong gawin sa akin ang minamabuti at matuid sa inyong mga mata. **15** Talastasin lamang ninyong maigi na kung ako'y inyong ipapatay, kayo'y magdadala ng walang salang dugo sa inyo at sa ciudad na ito, at sa mga mananahan dito: sapagka't katotohanang sinugo ako ng PANGINOON sa inyo upang magsalita ng lahat ng salitang ito sa inyong mga pakinig. **16** Ng magkagayo'y sinabi ng mga pangulo at ng boong bayan sa mga sacerdote at sa mga profeta: Ang lalaking ito ay hindi marapat patayin: sapagka't siya'y nagsalita sa atin sa pangalan ng PANGINOONG ating Dios. **17** Ng mag-

kagayo'y tumindig ang ilan sa mga mataunda sa lupain, at nagsalita sa boong kap'sanan ng bayan, na nagsabing: **18** Si Mikeas na Morastita ay nanghula sa mga kaarawan ni Ezekias na hari sa Juda; at siya'y nagsalita sa boong bayan ng Juda, na nagsabing: Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Ang Sion ay bubukiring parang bukid, at ang Jerusalem ay magiging mga buutan, at ang bundok ng bahay ay gaya ng mga mataas na lugar sa gubat. **19** ; Si Ezekias bang hari sa Juda at ang boong Juda ay nagpapatay sa kaniya? ; hindi ba siya natakot sa PANGINOON, at namanhik ng biyaya ng PANGINOON, at ang PANGINOON ay nagsisi sa kasam-an na kaniyang sinalita laban sa kanila? Ganito magkakamit tayo ng malaking kasam-an laban sa ating sariling mga kaluluha. **20** At may lalaki naman na nanghula sa pangalan ng PANGINOON, si Urias na anak ni Semaia na taga Kiriath-jearim; at siya'y nanghula laban sa ciudad na ito at laban sa lupaing ito ayon sa lahat ng salita ni Jeremias: **21** at ng marinig ni Joakim na hari sampuo ng lahat niyang mga makapang-yarihang tawo, at ng lahat na pangulo, ang kaniyang mga salita, pinagsikapang ng hari na ipapatay siya; nguni't ng marinig ni Urias, siya'y natakot, at tumakas, at nasok sa Egipto: **22** at si Joakim na hari ay nagsugo ng mga lalaki sa Egipto, ang mga ito nga, si Elnatan na anak ni Akbor, at ilang mga lalaki na kasama niya, sa Egipto: **23** at kaniyang inilabas si Urias sa Egipto, at dinala nila siya kay Joakim na hari; na pumatay sa kaniya ng tabak, at naghagis ng kaniyang bangkay sa mga libingan ng karaniwang bayan. **24** Nguni't ang kamay ni Ahikam na anak ni Safan ay sumasa kay Jeremias upang huag siyang ibigay nila sa kamay ng bayan upang ipapatay siya.

**27** Sa pasimula ng paghahari ni Joakim na anak ni Josias, na hari sa Juda, dumating ang salitang ito kay Jeremias na mula sa PANGINOON, na nagsabing: **2** Ganito ang sabi ng PANGINOON sa akin: Gumawa ka sa iyo ng mga panali at mga singkaw, at mga ilagay mo sa iyong leeg; **3** at iyong mga ipadala sa hari sa Edom, at sa hari sa Moab, at sa hari ng mga anak ni Ammon, at sa hari sa Tiro, at sa hari sa Sidon, sa pamamag-itan ng kamay ng mga sugo na naparoroon sa

Jerusalem kay Zedekias na hari sa Juda; **4** at ipasabi mo sa kanilaug mga panginoon, na iyong sabiling: Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Ganito ang inyong sasabihin sa inyong mga panginoon; **5** aking nilikha ang lupa, ang tawo at ang hayop na nasa balat ng lupa, sa pamamag-itan ng aking malaking kapangyarihan, at sa pamamag-itan ng aking unat na kamay; at aking ibinigay sa kaniya na inaakala kong matuid sa akin. **6** At ngayon ay ibinigay ko ang lahat ng lupaing ito sa kamay ni Nebukadnezar na hari sa Babilonia, na aking alipin; at ang mga hayop sa parang ay ibinigay ko naman sa kaniya upang maglingkod sa kaniya. **7** At lahat ng nasyon ay maghilingkod sa kaniya, at sa kaniyang anak at sa anak ng kaniyang anak, hangang dumating ang panahon ng kaniyang sariling lupain: at kung magkagayo'y maraming nasyon at mga dakilang hari ay paghilingkuran siya. **8** At mangyayari, na ang nasyon at ang kaharian na hindi maghilingkod kay Nebukadnezar na hari sa Babilonia, at yaong hindi maglalagay ng kanilang leeg sa ilalim ng pamatok ng hari sa Babilonia, ang nacióng yaon, sabi ng PANGINOON, ay parurusahan ko ng tabak, at ng kagutom, at ng salot, hangang sa aking malipol sila sa pamamag-itan ng kaniyang kamay. **9** Nguni't tungkol sa inyo, huag ninyong dingin ang inyong mga profeta, o ang inyong mga manghuhula man, o ang inyong mga panaginip man, o ang inyong mga mapamahin man, o ang inyong mga mangagaway man, na nagsasalita sa inyo, na nagsasabing: Kayo'y hindi maghilingkod sa hari sa Babilonia: **10** sapagka't sila'y manghuhula ng kasinungalingan sa inyo, upang ilayo kayo ng malayo sa inyong lupain; at kaniyang palalayasin kayo at kayo'y matilipol. **11** Nguni't ang nasyon na isuot ang kaniyang leeg sa ilalim ng pamatok ng hari sa Babilonia, at maghilingkod sa kaniya, ang nacióng yaon ay aking ilalabi sa kaniyang sariling lupain, sabi ng PANGINOON; at kanilang bubukirin, at tatahanan. **12** At ako'y nagsalita kay Zedekias na hari sa Juda ayon sa lahat ng mga salitang ito na aking sinabing: Inyong isuot ang inyong mga leeg sa ilalim ng pamatok ng hari sa Babilonia, at maghilingkod sa kaniya, at sa kaniyang bayan, at kayo'y mabuhay. **13** ; Bakit kayo'y

mamamatay, ikaw, at ang iyong bayan, sa pamamag-itan ng tabak, ng kagutom, at ng salot, gaya ng sinalita ng PANGINOON tungkol sa nasyon na hindi maglilingkod sa hari sa Babilonia?

**14** At huag kayong makinig ng salita ng mga profeta na nagsasalita sa inyo, na nagsasabing: Kayo'y hindi maglilingkod sa hari sa Babilonia: sapagka't sila'y nanghuhula ng kabulaanan sa inyo. **15** Sapagka't hindi ko sinugo sila, sabi ng PANGINOON, kungdi sila'y nanghuhulang may kasinungalingan sa aking pangalan; upang aking mapalayas kayo, at kayo'y malipol, kayo, at ang mga profeta na nanghuhula sa inyo. **16** Ako naman ay nagsalita sa mga sacerdote at sa lahat ng bayang ito, na nagsabing: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Huag kayong makinig ng mga salita ng inyong mga profeta, na nanghuhula sa inyo, na nagsasabing: Narito, ang mga sisidlan ng bahay ng PANGINOON ay madaling madadala uli na mula sa Babilonia: sapagka't sila'y nanghuhula ng kasinungalingan sa inyo. **17** Huag ninyong dingin sila, maglilingkod kayo sa hari sa Babilonia, at kayo'y mabuhay; bakit nga ang ciudad na ito ay magiging kagibaan? **18** Ngunit kung sila'y mga profeta, at ang mga salita ng PANGINOON ay sumasakanila, mamag-itan sila ngayon sa PANGINOON ng mga hukbo, upang ang mga sisidlan na naiwan sa bahay ng PANGINOON, at sa bahay ng hari sa Juda, at sa Jerusalem, huag maparoon sa Babilonia. **19** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo tungkol sa mga haligi, at tungkol sa dagat, at tungkol sa mga tungtungan, at tungkol sa nalabi sa mga sisidlan na naiwan sa ciudad na ito, **20** na hindi kinuha ni Nebukadnezar na hari sa Babilonia, ng kaniyang dalhing bihag si Jekonias na anak ni Joakim na hari sa Juda, mula sa Jerusalem hangang sa Babilonia, at ang lahat ng maginoo sa Juda at sa Jerusalem; **21** oo, ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, tungkol sa mga sisidlan na naiwan sa bahay ng PANGINOON, at sa bahay ng hari sa Juda, at sa Jerusalem: **22** Mga madadala sa Babilonia, at mga maparoon, hangang sa araw na mga dalawin ko, sabi ng PANGINOON; kung magkagayo'y mga isasampa ko, at mga isasauli ko sa iugar na ito.

**28** At nangyari, ng taong ding yaon sa pasimula ng paghahari ni Zedekias na hari sa Juda, sa ikaapat na taon, sa ikalimang buan, na si Hananias na anak ni Azur na profeta, na taga Gibeon, nagsalita sa akin sa bahay ng PANGINOON, sa harap ng mga sacerdote, at ng boong bayan, na nagsabing: **2** Ganito ang sinalita ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, na nagsabing: Aking binali ang pamatok ng hari sa Babilonia. **3** Sa loob ng dalawang boong taon ay dadalhin ko uli sa lugar na ito, ang lahat na sisidlan ng bahay ng PANGINOON, na dinala ni Nebukadnezar na hari sa Babilonia mula sa lugar na ito, at mga dinala sa Babilonia: **4** at aking dadalhin uli sa lugar na ito si Jekonias na anak ni Joakim, na hari sa Juda, sampuo ng lahat na bihag sa Juda, na naparoon sa Babilonia, sabi ng PANGINOON: sapagka't aking babaliin ang pamatok ng hari sa Babilonia. **5** Ng magkagayo'y nagsabi ang profeta Jeremias sa profeta Hananias sa harap ng mga sacerdote, at sa harap ng boong bayan, na nakatayo sa bahay ng PANGINOON, **6** sinabi nga ng profeta Jeremias: Siya nawa: gawing gayon ng PANGINOON: tuparin ng PANGINOON ang iyong mga salita na iyong ipinanghula, na ibalik uli ang mga sisidlan ng bahay ng PANGINOON, at silang lahat na bihag, mula sa Babilonia hangang sa lugar na ito. **7** Gayon ma'y dingin mo ang mga salitang ito na sinasalita ko sa iyong mga pakinig, at sa mga pakinig ng boong bayan: **8** Ang mga naging profeta bago ako at bago ikaw ng una ay nanghula laban sa mara-ming lupain, at laban sa mga malaking kaharian, tungkol sa pagbabaka, at tungkol sa kasam-an, at tungkol sa salot. **9** Ang profeta, na nanghuhula ng tungkol sa kapayapaan, pagka ang salita ng profeta ay mangyayari, makikilala nga siyang profeta, na tunay na sinugo ng PANGINOON siya. **10** Ng magkagayo'y kinuha ng profeta Hananias ang singkaw sa leeg ng profeta Jeremias, at binali. **11** At si Hananias ay nagsalita sa harap ng boong bayan, na nagsabing: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Gayon din babaliin ko ang pamatok ni Nebukadnezar na hari sa Babilonia sa loob ng dalawang tawong ganap sa leeg ng lahat na nasyon. At ang profeta Jeremias ay yumaon ng kaniyang lakad. **12** Ng magkagayo'y dumating ang saita ng PANGINOON kay

Jeremias, pagkatapos na mabali ni Hananias ang singkaw sa leeg ng profeta Jeremias, na nagsabing: **13** Ikaw ay yumaon, at saysayin mo kay Hananias na iyong sabihing: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Iyong binali ang mga halang na kahoy; nguni't gagawin mo sa lugar ng mga yaon ay mga singkaw na bakal. **14** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Ako'y naglagay ng pamatok na bakal sa leeg ng lahat na naciong ito, upang sila'y makapaglingkod kay Nebukadnezar na hari sa Babilonia; at sila'y maglilingkod sa kaniya: at ibinigay ko rin sa kaniya ang mga hayop sa parang. **15** Ng magkagayo'y sinabi ng profeta Jeremias kay Hananias na profeta: Iyong dingin ngayon, Hananias; hindi ka sinugo ng PANGINOON; kungdi iyong pinaasa ang bayang ito sa kasinungalingan. **16** Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, ikaw ay aking palalayasin sa balat ng lupa: mamamatay ka ng taong ito, sapagka't ikaw ay nagsalita ng panghihimagsik laban sa PANGINOON. **17** Sa gayo'y namatay si Hananias na profeta ng taong ding yaon sa ikapitong buan.

**29** Ito nga ang mga salita ng sulat na ipinadala ni Jeremias na profeta mula sa Jerusalem sa nalabi sa mga matanda sa pagkabiha, at sa mga sacerdote, at sa mga profeta, at sa boong bayan, na dinalang biha, ni Nebukadnezar sa Babilonia mula sa Jerusalem: **2** (pagkatapos na makaalis sa Jerusalem si Jekonias na hari, at ang ina ng hari, at ang mga bating, at ang mga pangulo sa Juda at sa Jerusalem, at ang mga mangagawa at ang mga mangbabakal); **3** sa pamamagitan ng kamay ni Elasa na anak ni Safan, at ni Gemarias na anak ni Hilkias, (na siyang sinugo sa Babilonia ni Zedekias na hari sa Juda kay Nebukadnezar na hari sa Babilonia,) na nagsabing: **4** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, sa lahat ng biha, na aking ipinalang biha sa Babilonia mula sa Jerusalem: **5** Kayo'y magtayo ng mga bahay at inyong mga tahanan; at kayo'y magtanim ng mga halamanan, at kamin ninyo ang bunga ng mga yaon; **6** magsipag-asawa kayo, at kayo'y magkaanak ng mga lalaki at mga babaye; at ikuha ninyo ng mga asawa ang inyong mga anak na lalaki, at inyong ibigay na asawa ang inyong mga anak na babaye, upang sila'y magkaanak ng mga lalaki at mga babaye; at kayo'y

magsidami doon, at huag kayong magpakakaonti. **7** At inyong hanapin ang kapayapaan sa ciudad na aking pagdalhan sa inyong biha, at inyong idalangin sa PANGINOON: sapagka't sa kapayapaan noon ay magkakaroon naman kayo ng kapayapaan. **8** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Huag kayong dayain ng mga profeta na nasa gitna ninyo, at ng inyong mga manghuhula, o makinig man kayo sa inyong mga panaginip na inyong napapaninip. **9** Sapagka't sila'y nanghuhulang may kasinungalingan sa inyo sa aking pangalan: hindi ko sinugo sila, sabi ng PANGINOON. **10** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON: Pagkatapos na maganap ang pitong puong taon sa Babilonia, aking dadalawin kayo, at aking tutuparin ang aking mabuting salita sa inyo, sa pagpapabalik sa inyo sa lugar na ito. **11** Sapagka't batid ko ang mga pag-iisip na aking inisip sa inyo, sabi ng PANGINOON, mga pag-iisip tungkol sa kapayapaan, at hindi tungkol sa kasamaan, upang bigyan kayo ng pag-asa sa inyong huling wakas. **12** At kayo'y tatawag sa akin, at kayo'y yayaon at dadalangin sa akin, at aking didingin kayo. **13** At inyong hahanapin ako, at masusumpungan ako, pagka inyong hahanapin ako ng inyong boong puso. **14** At ako'y masusumpungan sa inyo, sabi ng PANGINOON, at aking ibabalik uli kayo na mula sa inyong pagkabiha, at aking pipisanin kayo mula sa lahat ng nacion, at mula sa lahat ng lugar na aking pinagtabuyan sa inyo, sabi ng PANGINOON; at aking ibabalik kayo uli sa lugar na mula roon sa aking pinagdalahang biha sa inyo. **15** Sapagka't inyong sinabing: Ang PANGINOON ay nagbangon sa amin ng mga profeta sa Babilonia. **16** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON tungkol sa hari na nauupo sa luklukan ni David, at tungkol sa boong bayan na tumatahan sa ciudad na ito, sa inyo ngang mga kapatid na hindi lumabas na kasama ninyo sa pagkabiha; **17** ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Narito, aking susunguin sa kanila ang tabak, ang kagutom, at ang salot, at gagawin ko silang parang masamang higos, na hindi makakain, mga napakasama. **18** At aking hababalin sila ng tabak, ng kagutom, at ng salot, at aking mga ibibigay sila sa kakutyaan na paroo't parito sa gitna ng lahat na kaharian sa lupa, upang maging kasumpaan, at katigilan, at kasutsutan, at katuyaan, sa



gitna ng lahat na nasyon na aking pinagtabuyan sa kanila: **19** sapagka't hindi sila nakinig sa aking mga salita, sabi ng PANGINOON, na aking mga ipinasugo sa aking mga profeta, na ako'y bumanangong maaga at mga sinugo ko; nguni't hindi ninyo mga dininig, sabi ng PANGINOON. **20** Inyo ngang dingin ang salita ng PANGINOON, ninyong lahat na sa pagkabiha; na aking mga itinaboy sa Babilonia mula sa Jerusalem.

**21** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, tungkol kay Ahab na anak ni Kolaya, at tungkol kay Zedekias na anak ni Maasias na nanghuhula ng kasinungalingan sa inyo sa aking pangalan: Narito, aking ibibigay sila sa kamay ni Nebukadnezar na hari sa Babilonia; at papatayin niya sila sa harap ng inyong mga mata; **22** at sa kanila kukuha ng kasumpaan sa lahat ng bihag sa Juda na nasa Babilonia, na magsasabing: Gawin ka ng PANGINOON na gaya ni Zedekias at gaya ni Ahab na inihaw sa apoy ng hari sa Babilonia: **23** sapagka't sila'y gumawang may kamangmangan sa Israel, at nangalunya sa mga asawa ng kanilang mga kapua, at nagsalita ng mga salita sa aking pangalan na may kasinungalingan, na hindi ko inutos sa kanila; at ako siya na nakakakilala, at ako'y saksi, sabi ng PANGINOON.

**24** At tungkol kay Semaya na Nehelamita ay iyong sasalitain, na sasabihing: **25** Ganito ang sinasalita ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, na sinasabing: Sapagka't ikaw ay nagpadala ng mga sulat sa iyong sariling pangalan sa boong bayan na nasa Jerusalem, at kay Zefanias na anak ni Maasias na sacerdote, at sa lahat na mga sacerdote, na iyong sinabing: **26** Ginawa kang sacerdote ng PANGINOON na kahalili ni Jehoiada na sacerdote, upang kayo'y maging mga lingkod sa bahay ng PANGINOON, sa bawat tawo na ulol, at nagpakapofeta, upang iyong mailagay sa pangawan at sa mga tanikala. **27** Ngayon nga, bakit hindi mo sinaway si Jeremias na taga Anatot, na nagpapakapofeta sa inyo, sa paraang siya'y nagsugo sa amin sa Babilonia, na nagsabing: *Ang pagkabiha ay mahaba: kayo'y magtayo ng mga bahay at inyong mga tahanan; at kayo'y magtanim ng mga halaman, at inyong kanin ang bunga ng mga yaon?* **28** At binasa ni Zefanias na sacerdote ang sulat na ito sa mga pakinig ni Jeremias na profeta. **30** Ng magkaga-

yo'y dumating ang salita ng PANGINOON kay Jeremias, na nagsabing: **31** Iyong ipasugo sa kanilang lahat na sa pagkabiha; na iyong sabihing: Ganito ang sabi ng PANGINOON tungkol kay Semaya na Nehelamita: Sa paraang nanghula si Semaya sa inyo, at hindi ko sinugo siya, at kaniyang pinaasa kayo sa kasinungalingan; **32** kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, aking parurusahan si Semaya na Nehelamita, at ang kaniyang binhi; siya'y hindi magkakaroon ng lalaki na tataan sa gitna ng bayang ito, o mamamasan man niya ang mabuti na gagawin ko sa aking bayan, sabi ng PANGINOON: sapagka't siya'y nagsalita ng panghihimagsik laban sa PANGINOON.

**30** Ang salita na dumating kay Jeremias na mula sa PANGINOON, na nagsabing: **2** Ganito ang sinasalita ng PANGINOON, ng Dios ng Israel, na nagsabing: Iyong isulat ang lahat ng salita na aking sinalita sa iyo sa isang libro. **3** Sapagka't, narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng PANGINOON na aking ibabalik na mula sa pagkabiha; ang aking bayang Israel at Juda, sabi ng PANGINOON: at aking mga pabalikin sa lupain na aking ibinigay sa kanilang mga magulang, at kanilang aariin.

**4** At ang mga ito ang mga salita na sinalita ng PANGINOON tungkol sa Israel at tungkol sa Juda. **5** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON: Kami ay nakarinig ng voces ng panginiginig, ng takot, at hindi ng kapayapaan. **6** Kayo'y magtanong ngayon, at inyong tingnan kung ang lalaki ay nagdaramdam ng panganganak: bakit aking nakikita ang lahat na lalaki na ang mga kamay ay nasa kaniyang mga balakang na parang babaye sa pagdaramdam, at ang lahat na mukha ay naging maputla? **7** |Ayl sapagka't ang araw na yaon ay dakila, na ano pa't walang gaya noon: siya ngang panahon ng kabagabagan ni Jakob; nguni't siya'y maliligtas doon. **8** At mangyayari sa araw na yaon, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, na aking habaliin ang kaniyang pamatok sa iyong leeg, at aking papatirin ang iyong mga tali at hindi na siya maglilingkod pa sa mga taga ibang lupa: **9** kungdi kanilang paglilingkuran ang PANGINOONG kanilang Dios, at si David na kanilang hari, na aking ibabangon sa kanila. **10** Kaya't huag kang masindak, Oh Jakob na aking

alipin, sabi ng PANGINOON; huag ka mang manlupaypay. Oh Israel: sapagka't narito, ililigtas kita mula sa malayo, at ang iyong bihi mula sa lupain ng kanilang pagkabiha; at ang Jakob ay magbabalik, at magiging tahimik at tiwasay, at walang tatakot sa kaniya. 11 Sapagka't ako'y sumasaiyo sabi ng PANGINOON upang iligtas kita: sapagka't gagawa ako ng lubos na kawakasan sa lahat na nasyon na aking pinapangalatan sa iyo, ngunit hindi ako gagawa ng lubos na kawakasan sa iyo; kungdi sasawayin kita ng kahatulan at walan pagsalang hindi kita iiwan na walang parusa.

12 Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON: Ang iyong sugat ay walang kagamutan, at ang iyong sugat ay mabigat. 13 Walang makipaglaban ng iyong usapin upang ikaw ay matapalan: ikaw ay walang mga pangamot na kagamutan. 14 Nilimot ka ng lahat na manliligaw sa iyo; hindi ka nila hinahanap: sapagka't sinigatan kita ng sugat ng kaaway, ng parusa ng mabagsik; dahil sa kalakhan ng iyong kasam-an, sapagka't ang iyong mga kasalanan ay dumami. 15 Bakit ikaw ay humihiyaw ng dahil sa iyong sugat? ang iyong sakit ay walang kagamutan: dahil sa kalakhan ng iyong kasam-an, sapagka't ang iyong mga kasalanan ay dumami, aking ginawa ang mga bagay na ito sa iyo. 16 Kaya't silang lahat na lumalamon sa iyo ay malalamon; at lahat ng iyong kaaway, bawa't isa sa kanila'y papasok sa pagkabiha; at silang sumasamsam sa iyo ay magiging samsam, at lahat ng humuhuli sa iyo ay aking ibihigay na huli. 17 Sapagka't magsasauli ako ng katabaan sa iyo, at gagamutin kita sa iyong mga sugat, sabi ng PANGINOON; sapagka't kanilang tinawag ka na tapen, na sinabing: Sion nga, na wala ng humahanap. 18 Ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, aking ibabalik uli sa pagkabiha ang mga dampa ng Jakob, at mahahabag sa kaniyang mga tabanang lugar; at ang ciudad ay matatayo sa kaniyang sariling buntan, at ang palacio ay tatahanan ng ayon sa ayos noon. 19 At mula sa kanila magmumula ang pagpapasalamat, at ang voces nila na nasasayahan: at aking pararamihin sila, at sila'y hindi magiging kaonti; akin namang luluhatiin sila, at sila'y hindi magiging maliit. 20 Ang kanilang mga anak naman ay magiging gaya ng una, at ang kanilang kapulungan ay matatag sa

harap ko, at aking parurusahan yaong lahat na pumipighati sa kanila. 21 At ang kanilang pangulo ay magiging isa sa kanila, at ang kanilang puno ay magmumula sa gitna nila; at aking palalapitin siya, at siya'y lalapit sa akin: sapagka't sino yaong nagkaroon ng kapangahasanan upang lumapit sa akin? sabi ng PANGINOON. 22 At kayo'y magiging aking bayan, at ako'y magiging inyong Dios.

23 Narito, ang bagyo ng PANGINOON, ang kaniyang pag-aalab ng loob, ay lumabas, ipoipong bagyo: babasag sa ulo ng masama. 24 Ang mabangis na galit ng PANGINOON ay hindi babalik, hangang sa siya'y makagawa, at hangang sa kaniyang matupad ang haka ng kaniyang puso: sa mga huling araw ay inyong matatalastas.

31 Sa panahong yaon, sabi ng PANGINOON, magiging Dios ako ng lahat na kamag-anakan ng Israel, at sila'y magiging aking bayan. 2 Ganito ang sabi ng PANGINOON: Ang bayan na naiwan ng tabak ay nakasumpong ng bivaya sa ilang; Oo, ang Israel, ng aking pagpapahingahin. 3 Ang PANGINOON ay napakita ng una sa akin, na nagsabing: Oo, imbig kita ng walang hangang pag-ibig: kaya't ako'y lumapit sa iyo na may kagandahang loob. 4 Muling itatayo kita, at ikaw ay matatayo, Oh dalaga ng Israel: muli na ikaw ay maggagayak ng iyong mga pandereta, at lalabas ka sa mga sayawan nila na nasasayahan. 5 Muli na magtatanim ka ng mga uvasan sa mga bundok ng Samaria: ang mga manananim ay magtatanim, at magagalak sa bunya noon. 6 Sapagka't magkakaroon ng araw, na ang mga bantay sa mga burol ng Efraim ay hihiyaw: Kayo'y humanagor, at tayo'y sumampa sa Sion na pumaroon sa PANGINOONG ating Dios. 7 Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON: Kayo'y umawit ng kasayahan dahil sa Jakob, at sumutsot kayo dahil sa puno ng mga nasyon: magtanyag kayo, pumuri kayo, at magsabing: Oh PANGINOON, iligtas mo ang iyong bayan, ang nalabi sa Israel. 8 Narito, aking mga dadalhin mula sa hilagaang lupain, at mga pipisanin ko mula sa mga kahulihulihang bahagi ng lupa at kasama nila ang bulag at ang pilay, at ang buntis at ang nagdadamdang na magkakasama: malaking pulutong na babalik sila rito. 9 Sila'y pariritong mayiyakan, at may mga pamanhik na aking mga papatnubayan: akin silang palalakaran sa tabi ng mga ilog ng mga tubig, sa

matuid na daan na hindi nila katitisan: sapagka't ako'y pinakaama sa Israel, at ang Efraim ang aking pangnanay.

**10** Inyong dingin ang salita ng PANGINOON, Oh ninyong mga nasyon, at inyong saysayin sa mga pulo sa malayo; at inyong sabihin: Ang nagpangalat sa Israel, siyang magpipisan sa kaniya, at mag-iingat sa kaniya, gaya ng ginagawa ng pastor sa kaniyang kawan. **11** Sapagka't tinubos ng PANGINOON ang Jakob, at tinubos niya siya sa kamay ng lalong malakas kay sa kaniya. **12** At sila'y paririto at aawit sa kaitaasan ng Sion, at aagos na magkakasama sa kabutihan ng PANGINOON, sa trigo, at sa alak, at sa langis, at sa guya ng kawan at ng bakahan: at ang kanilang kalulua ay magiging parang dinilig na halaman; at hindi na sila mamamanlaw pa sa ano man. **13** Kung magkagayo'y magagalak ang dalaga sa sayawan, at ang mga binata, at ang matanda na magkakasama: sapagka't aking papapaging kagalakan ang kanilang tangis, at aking aaliwin sila, at aking pagagalakin sila sa kanilang kapanlawan. **14** At aking bubusugin ang kalulua ng mga sacerdote ng katabaan, at kasiyahan ng aking bayan ang aking kabutihan, sabi ng PANGINOON.

**15** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Isang voces ay narinig sa Rama, panag-hoy, at mapait na pag-iyak, inihiyakan ni Raket ang kaniyang mga anak; siya'y tumatanging maaliw dahil sa kaniyang mga anak, sapagka't sila'y wala na. **16** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Iyong pigilin ang iyong voces sa pag-iyak, at ang iyong mga mata sa mga luha: sapagka't gagantihin ang iyong mga gawa, sabi ng PANGINOON; at sila'y babalik na mula sa lupain ng kaaway. **17** At may pag-asa para sa iyong huling wakas, sabi ng PANGINOON; at ang iyong mga anak ay paroroon uli sa kanilang sariling hanganan. **18** Tunay na aking narinig ang Efraim na nananaghoy sa kaniyang sarili ng ganito: Iyong pinarusahan ako, at ako'y naparusan na parang guya na hindi hirati sa pamatok: ibalik mo ako, at ako'y babalik sa iyo; sapagka't ikaw ang PANGINOON aking Dios. **19** Tunay na pagkabalik ko sa iyo ay nagsisi ako; at pagkatapos na ako'y maturuan ay nagsugat ako ng luha: ako'y napahiya, oo, lito, sapagka't aking dinala ang kakutyuan ng aking kabataan. **20** Ang Efraim ba'y aking minamahal na anak?

Siya ba'y maligayang anak? sapagka't kung paanong kadalas nagsasalita ako laban sa kaniya, aking inaalala pa siyang mabuti: kaya't ang aking tiyan ay umu-usog dahil sa kaniya; ako'y tunay na maaawa sa kaniya, sabi ng PANGINOON.

**21** Maglagay ka ng mga tanda, gumawa ka ng mga patubayang haligi: ilagak mo ang iyong puso sa dakong maluang na langsaingan, sa daan na iyong pinaroonan: ikaw ay magbalik uli, Oh dalaga ng Israel, ikaw ay bumalik uli dito sa mga ciudad na ito. **22** Hangang kailan magpaparoot parito ka, Oh ikaw na tumatalikod na anak na babaye? sapagka't ang PANGINOON ay lumikha ng bagong bagay sa lupa: Ang babaye ay kukulong sa lalaki. **23** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Kanilang gagamitin uli ang salitang ito sa lupain ng Juda at sa mga ciudad noon, pagka aking dadalhin uli mula sa kanilang pagkabihag: Pagpalain ka ng PANGINOON, Oh tahanan ng katuiran, Oh bundok ng kasantosan. **24** At ang Juda at ang lahat na ciudad niya ay tatahan doon na magkakasama; ang mga manbubukid at ang mga lumilibot na may mga kawan. **25** Sapagka't aking binubusog ang pagod na kalulua, at lahat na mapanlaw na kalulua ay aking pinaliligaya. **26** Dito'y nagising ako, at ako'y lumingap; at ang aking pagkakatulog ay masarap sa akin. **27** Narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng PANGINOON, na aking ihahasik ang bahay ng Israel at ang bahay ng Juda ng binhi ng tawo at ng binhi ng hayop. **28** At mangyayari, na kung paanong binantayan ko sila upang bunutin, at upang ibagsak, at upang sirain, at upang gibain, at upang pighatiin; gayon babantayan ko sila upang itayo at upang itanim, sabi ng PANGINOON. **29** Sa mga araw na yaon ay hindi na sila magsasabing: Ang mga magulang ay kumain ng mga maasim na uvas, at ang mga ngipin ng mga bata ay nangingilo. **30** Ngumi't bawata isa ay mamamatay ng dahil sa kaniyang sariling kasaman: lahat na kumakain ng mga maasim na uvas ay mangingilo ang mga ngipin. **31** Narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng PANGINOON, na ako'y gagawa ng bagong tipan sa bahay ng Israel, at sa bahay ng Juda: hindi ayon sa tipan na ginawa ko sa kanilang mga magulang sa araw na aking kinuba sila sa pamagitan ng kamay upang ilabas sila sa

lupain ng Egipto; na ang aking tipan ay kanilang sinira, baga man ako'y asawa sa kanila, sabi ng PANGINOON. **33** Kungdi ito ang tipan na aking gagawin sa bahay ng Israel pagkatapos ng mga araw na yaon, sabi ng PANGINOON: Aking ilalagay ang aking kautusan sa kanilang mga pinakalob na bahagi, at aking isusulat sa kanilang puso; at ako'y magiging kanilang Dios, at sila'y magiging aking bayan; **34** at hindi na sila magtuturo bawa't isa sa kaniyang kapua, at bawa't tawo sa kaniyang kapatid, na magsasabing: Inyong kilalanin ang PANGINOON: sapagka't makikilala nilang lahat ako, mula sa kaliitlitian sa kanila hangang sa kalakilakihan sa kanila, sabi ng PANGINOON: sapagka't aking ipatawad ang kanilang kasam-an, at ang kanilang kasalanan ay hindi ko na aalalahanin. **35** Ganito ang sabi ng PANGINOON, na nagbibigay ng araw na pinakaliwanag sa araw, at ng mga ayos ng buan at ng mga bituin na pinakaliwanag sa gabi, na nagpapakilos sa dagat, na humuhugong ang mga alon noon; ang PANGINOON ng mga hukbo ay siyang kaniyang pangalau: **36** Kung ang mga ayos na ito ay lumiwalay sa harap ko, sabi ng PANGINOON, ang binhi nga ng Israel ay magliliikat sa pagkanacion sa harap ko magpakailan man. **37** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Kung ang langit sa itaas ay masusukat, at ang mga cimientong lupa ay masisiyasat sa ilalim, akin ngang ihahagis ang boong binhi ng Israel dahil sa lahat nilang nagawa, sabi ng PANGINOON. **38** Narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng PANGINOON, na ang ciudad ay matatayo sa PANGINOON mula sa moog ni Hananel hangang sa pintoang-daan ng sulok. **39** At ang panukat na pisi ay magpapatuloy na matuid sa burol ng Gareb, at pipilit hangang sa Goa. **40** At ang boong libis ng mga bangkay, at ng mga abo, at ang lahat na parang hangang sa hatis ng Kidron, hangang sa sulok ng pintoang-daan ng kabayo sa dakong silanganan, magiging santo sa PANGINOON; hindi mabubunot o mahahagis ang sino man magpakailan pa man.

**32** Ang salita na dumating kay Jeremias na mula sa PANGINOON sa ikasampung taon ni Zedekias na hari sa Juda, na siyang ikalabing walong taon ni Nebukadrezar. **2** Ng panahon ngang yao'y ang kawal ng hari sa Babilo-

nia ay kumulong sa Jerusalem: at si Jeremias na profeta ay nakulong sa looban ng bantayan, na nasa bahay ng hari sa Juda. **3** Sapagka't kinulong siya ni Zedekias na hari sa Juda, na sinabing: Bakit ikaw ay nangluhula, at nagsasabing: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, ibibigay ko ang ciudad na ito sa kamay ng hari sa Babilonia, at kaniyang sasakupin: **4** at si Zedekias na hari sa Juda ay hindi makatataanan sa kamay ng mga Kaldeo, kungdi tunay na mabibigay sa kamay ng hari sa Babilonia, at makikipag-usap sa kaniya ng bibig at bibig, at ang kaniyang mga mata ay titingin sa kaniyang mga mata; **5** at kaniyang papatnubayan si Zedekias sa Babilonia, at siya'y doroon hangang sa dalawin ko siya, sabi ng PANGINOON: baga man kayo'y bumaka sa mga Kaldeo, hindi kayo giginhawa?

**6** At sinabi ni Jeremias: ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **7** Narito, si Hanamel na anak ni Salum na iyong amain ay paroroon sa iyo, na magsasabing: Bilhin mo ang parang ko na nasa Anatot: sapagka't ang matuid ng katubusan ay ukol sa iyo upang bilhin. **8** Sa gayo'y si Hanamel na anak ng aking amain ay naparoon sa akin sa looban ng bantayan ayon sa salita ng PANGINOON, at nagsabi sa aking: Bilhin mo ang aking parang, isinasamo ko sa iyo, na nasa Anatot, na nasa lupain ng Benjamin: sapagka't ang matuid ng mana ay ukol sa iyo, at ang katubusan ay ukol sa iyo; bilhin mo para sa iyong sarili. Ng magkagayo'y nakilala ko na ito'y salita ng PANGINOON. **9** At binili ko ang parang na nasa Anatot kay Hanamel na anak ng aking amain, at tinimbang ko sa kaniya ang salapi, na labing pitong siklo na pilak. **10** At ako'y gumuhit sa kasulatan, at aking tinatakan, at tumawag ako ng mga saksi, at tinimbang ko sa kaniya ang salapi sa timbangan. **11** Sa gayo'y kinuha ko ang kasulatan ng pagkabili, ang natatatakan, ayon sa kautusan at kangalian, at gayon din ang bukas: **12** at ibinigay ko ang kasulatan ng pagkabili kay Baruk na anak ni Neria, na anak ni Malseya, sa harap ni Hanamel na anak ng aking amain, at sa harap ng mga saksi na gumuhit ng pangalan sa kasulatan ng pagkabili, sa harap ng lahat na Judio na ukaupo sa looban ng bantayan. **13** At ibinilin ko kay Baruk sa harap nila, na aking sina-

bing: **14** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Iyong kunin ang mga kasulatang ito, ang kasulatang ito ng pagkabili, ang natatatakan, gayon din itong kasulatang bukas, at iyong mga isilid sa sisidlang lupa; upang tumagal ng maraming araw. **15** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Mga bahay, at mga parang, at mga uvasan ay mabibili pa uli sa lupaing ito.

**16** Pagkatapos nga na aking maibigay ang kasulatan ng pagkabili kay Baruk na anak ni Neria, dumalangin ako sa PANGINOON, na aking sinabing: **17** |Ah Panginoong Dios! narito, iyong nilikha ang langit at ang lupa sa pamamagitan ng iyong malaking kapangyarihan, at sa pamamagitan ng iyong unat na kamay; walang bagay na totoong napakahirap sa iyo: **18** na ikaw ay nagpapakita ng kaawaan sa mga libolibo, at iyong ginaganti ang kasam-an ng mga magulang sa sinapupunan ng kanilang mga anak pagkamatay nila: ang dakila, na makapangyarihang Dios, ang PANGINOON ng mga hukbo ay kaniyang pangalan. **19** Dakila sa payo at makapangyarihan sa gawa: na ang mga mata ay dilat sa lahat ng mga lakad ng mga anak ng tawo; upang bigyan ang bawat isa ng ayon sa kaniyang mga lakad, at ayon sa bunga ng kaniyang mga gawa: **20** na naglagay ng mga tanda at mga kababalaghan sa lupain ng Egipto, hangang sa araw na ito, sa Israel at gayon din sa gitna ng ibang mga tawo; at gumawa ka sa iyo ng pangalan, gaya sa araw na ito; **21** at iyong inilabas ang iyong bayang Israel sa lupain ng Egipto sa pamamagitan ng mga tanda at ng mga kababalaghan at ng malakas na kamay, at ng unat na kamay, at ng malaking kakilahutan; **22** at ibinigay mo sa kanila ang lupaing ito na iyong isinumpa sa kanilang mga magulang na ibibigay sa kanila, lupain na binubukalan ng gatas at pulot; **23** at sila'y nasok, at kanilang inari; nguni't hindi dininig ang iyong voces, o lumakad man sa iyong kautusan; sila'y hindi gumawa ng ano man sa lahat na iyong iniutos sa kanila na gawin: kaya't iyong pinapangyari ang boong kasam-ang ito sa kanila: **24** narito ang mga buntong, mga dumaratang sa ciudad upang sakupin at ang ciudad ay nabigay sa kamay ng mga taga Kaldea na bumabaka laban doon, dahil sa tabak, at sa kagutom, at sa salot: at kung ano ang

iyong sinalita ay nangyari; at, narito, iyong nakikita. **25** At iyong sinabi sa aking: Oh Panginoong Dios: Iyong bilhin ng salapi ang parang, at ikaw ay tumawag ng mga saksi; habang ang ciudad ay ibimbigay sa kamay ng mga Kaldeo.

**26** Ng magkagayo'y dumating ang salita ng PANGINOON kay Jeremias, na nagsabing: **27** Narito, ako ang PANGINOON, ang Dios ng lahat na laman; may ano mang bagay ba na totoong mahirap sa akin?

**28** Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, aking ibibigay ang ciudad na ito sa kamay ng mga Kaldeo, at sa kamay ni Nebukadrezar na hari sa Babilonia, at kaniyang sasakupin: **29** at ang mga Kaldeo, na bumabaka laban sa ciudad na ito, paririto at paniningasan ang ciudad na ito, at susunugin, sampuo ng mga bahay na ang mga pulupo ay kanilang pinaghandugan ng kamanyan kay Baal, at pinagbubuhusan ng mga inuming handog sa mga ibang dios, upang mungkahin ako sa galit. **30** Sapagka't ang ginawa lamang ng mga anak ng Israel, at ng mga anak ng Juda ay ang masama sa aking paningin mula sa kanilang kabataan: sapagka't minungkahi lamang ako ng mga anak ng Israel sa galit ng gawa ng kanilang mga kamay, sabi ng PANGINOON. **31** Sapagka't ang ciudad na ito ay naging kamungkahian sa aking galit at sa aking pag-aalab ng loob mula sa araw na kanilang itinayo hangang sa araw na ito; upang aking mailayo sa aking mukha: **32** dahil sa lahat ng kasam-an ng mga anak ng Israel at ng mga anak ng Juda, na kanilang ginawa upang mungkahin ako sa galit, nila, ng kanilang mga hari, ng kanilang mga pangulo, ng kanilang mga sacerdote, at ng kanilang mga profeta, at ng mga lalaki sa Juda, at ng mga mananahan sa Jerusalem. **33** At kanilang ipinihit sa akin ang likod, at hindi ang mukha: at бага man aking tinuruan sila, na bumabangon ako ng maaga at tinuturuan ko sila, gayon ma'y hindi sila nakinig upang tumanggap ng aral. **34** Kungdi kanilang inilagay ang kanilang mga kasuklamsuklam sa bahay na tinawag sa aking pangalan, upang iha-wa. **35** At kanilang itinayo ang mga mataas na lugar ng Baal, na nasa libis ng anak ni Hinom, upang paraanin sa apoy ang kanilang mga anak na lalaki at babaye kay Molek; na hindi ko iniutos sa kanila o nasok man sa aking pag-iisip, na kani-

lang ginawa ang kasuklamsuklam na ito; na pinapagkasala ang Juda.

**36** At ngayon nga'y ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel, tungkol sa ciudad na ito, na inyong sinasabing: Nabigay sa kamay ng hari sa Babilonia sa pamamagitan ng tabak, at ng kagutom, at ng salot: **37** Narito, aking pipisatin sila mula sa lalat ng lupain, na aking pinagtabuyan sa kanila sa aking galit, at sa aking pag-aalab ng loob, at sa malaking pag-iinit, at mga dadalhin ko uli sa lugar na ito, at akin silang patatahaning tiwasay: **38** at sila'y magiging aking bayan, at ako'y magiging kanilang Dios: **39** at bibigyan ko sila ng isang puso at ng isang daan, upang sila'y matakot sa akin magpakailan man; sa ikabubuti nila, at ng kanilang mga anak pagkamatay nila: **40** at ako'y gagawa ng walang hangang tipan sa kanila, na hindi ako hihiwalay sa kanila, upang gawan ko sila ng mabuti; at ilalagay ko ang takot sa akin sa kanilang mga puso, upang luag silang humiwalay sa akin. **41** Oo, ako'y magagalak sa kanila upang gawan ko sila ng mabuti, at aking tunay na itanim sila sa lupaing ito ng aking boong puso at ng aking boong kalulua. **42** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON: Kung panong aking dinala ang lahat na malaking kasam-ang ito sa bayang ito, gayon dadalhin ko sa kanila ang lahat na buti na aking ipinangka sa kanila. **43** At nga parang ay mabibili sa lupaing ito, na inyong sinasabing: Giba, na walang tawo o hayop man; nabigay sa kamay ng mga Kaldeo. **44** Bibilhin ng mga tawo ng salapi ang mga parang, at magguguhit sa mga kasulatan, at mga tatatakan, at tawatag ng mga saksi, sa lupain ng Benjamin, at sa mga lugar na palibot ng Jerusalem, at sa mga ciudad ng Juda, at sa mga ciudad ng lupaing maburo, at sa mga ciudad ng mababang lupain, at sa mga ciudad ng Timugan: sapagka't aking ibabalik sila mula sa kanilang pagkabiha, sabi ng PANGINOON.

**33** Bukod dito'y dumating na ikalawa ang salita ng PANGINOON kay Jeremias, samantalang nakukulong pa siya sa looban ng bantayan, na nagsabing: **2** Ganito ang sabi ng PANGINOON na gumagawa noon, ng PANGINOON na humihichura noon upang itatag; PANGINOON ay siyang kaniyang pangalan: **3** Ikaw ay tumawag sa akin, at ako'y sasagot sa iyo, at ako'y magpapakita sa iyo ng mga

dakilang bagay, at mahirap na hiindi mo nalalaman. **4** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel, tungkol sa mga bahay ng ciudad na ito, at tungkol sa mga bahay ng mga hari sa Juda na nangabagsak upang gawing sangalangan laban sa mga buntan at laban sa tabak: **5** Sila'y dumarating upang bumaka laban sa mga Kaldeo, ngunit upang mga mapuno ng mga bangkay ng mga tawo, na aking pinatay sa aking galit at sa aking pag-aalab ng loob, at dahil sa lahat ng kasam-ang yaon ay ikinubli ko ang aking mukha sa ciudad na ito. **6** Narito, ako'y magdadala ng kagamutan at kagalingan, at aking mga pagagalangin; at ako'y maghahayag sa kanila ng saganang kapayapaan at katotohanan. **7** At aking pabaliklin ang mga biha sa Juda, at ang mga biha sa Israel, at aking itatayo sila na gaya ng una. **8** At aking lilinisin sila sa lahat nilang kasaman, na kanilang pinagkasalahan laban sa akin; at aking ipatatawad ang lahat nilang kasaman na kanilang ipinagkasala laban sa akin, at kanilang ikinasalang sang laban sa akin. **9** At ang ciudad na ito ay magiging pinakapangalan ng kagalakan sa akin, pinakakapurihan at pinakakaluhatian, sa harap ng lahat na nasyon sa lupa na makakarinig ng lahat na mabuti na gagawin ko sa kanila, at matatakot at manginginig dahil sa lahat na buti at dahil sa lahat na kapayapaan na aking pinagsikapan sa kaniya. **10** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Maririnig pa uli sa lugar na ito, (na inyong sinasabing: Giba, na walang tawo at walang hayop, sa mga ciudad ng Juda at sa mga langsanang ng Jerusalem, na giba, na walang tawo at walang mananahan, at walang hayop,) **11** ang voces ng kagalakan at ang voces ng kasayahan, ang voces ng novio at ang voces ng novia, ang voces nilang nagsasabing: Kayo'y magpasalamat sa PANGINOON ng mga hukbo, sapagka't ang PANGINOON ay mabuti, sapagka't ang kaniyang kaawaan ay magpakailan pa man: at ng mga nagdadala ng hayin ng pagpapasalamat sa bahay ng PANGINOON. Sapagka't aking ibabalik ang pagkabiha ng lupain gaya ng una, sabi ng PANGINOON. **12** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Magkakaroon pa uli sa lugar na ito, na giba, na walang tawo at walang hayop, at sa lahat ng ciudad nito, ng tabanan ng mga pastor na nagpaphiga ng kanilang kawan. **13** Sa mga ciudad

ng maaburool na lupain, sa mga ciudad ng mababang lupain, at sa mga ciudad ng Timugan, at sa lupain ng Benjamin; at sa mga lugar na palibot ng Jerusalem, at sa mga ciudad ng Juda, magdaraan uli ang mga kawan sa mga kamay ng ibibilang sa kanila, sabi ng PANGINOON. 14 Narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng PANGINOON, na aking tutuparin ang mabuting salita na aking sinalita tungkol sa bahay ng Israel, at tungkol sa bahay ng Juda. 15 Sa mga araw na yaon, at sa panahong yaon, aking pasisibulin ang isang Sanga ng kabanalan kay David; at siya'y gagawa ng kahatulan at kabanalan sa lupain. 16 Sa mga araw na yaon ay malligtas ang Juda, at ang Jerusalem ay tatahang tiwasay: at ito ang pangalan na itatawag sa kaniya: Ang PANGINOON ay aming kabanalan. 17 Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON: Si David ay hindi mangangailangan kailan man ng lalaki na uupo sa luklukan ng bahay ng Israel; 18 hindi man mangangailangan ang mga sacerdote na mga Levita ng lalaki sa harap ko na maghahandog ng mga handog na susunugin, at upang magsunog ng mga alay, at upang gumawa ng hayin na palagi. 19 At ang salita ng PANGINOON ay dumating kay Jeremias, na nagsabing: 20 Ganito ang sabi ng PANGINOON: Kung inyong masisira ang aking tipan sa araw, at ang aking tipan sa gabi, na ano pa't hindi magkakaroon ng araw at ng gabi sa kanilang kapanahunan; 21 ang akin ngang tipan ay masisira kay David na aking alipin, na siya'y hindi magkakaroon ng anak upang maghari sa kaniyang luklukan; at sa mga Levita na mga sacerdote na aking mga tagapamahala. 22 Kung paanong ang hukbo ng langit ay hindi mabibilang, o matakalan man ang buhangin sa dagat; gayon ko pararamihin ang binhi ni David na aking alipin, at ang mga Levita na namamahala sa akin. 23 At ang salita ng PANGINOON ay dumating kay Jeremias, na nagsabing: 24 Hindi mo ba napupuna ang sinasalita ng bayang ito, na nagsasabing: Ang dalawang kamag-anakan na pinili ng PANGINOON, kaniyang mga itinakuil? ganito nila niwawalang kabuluhan ang aking bayan, upang huag ng maging nacion sa harap nila. 25 Ganito ang sabi ng PANGINOON: Kung ang aking tipan sa araw at sa gabi ay hindi tumayo, kung hindi ko itinatag ang mga ayos ng langit at ng lupa; 26 akin ngang itatakuil din

ang binhi ni Jakob, at ni David na aking alipin, na ano pa't hindi ako kukuha ng kanilang binhi upang maging mga puno sa binhi ni Abraham, ni Isaac, at ni Jakob: sapagka't aking ibabalik sila na mula sa kanilang pagkabiha, at maawa ako sa kanila.

**34** Ang salita na dumating kay Jeremias na mula sa PANGINOON, ng si Nebukadnezar na hari sa Babilonia, at ang boo niyang kawal, at ang lahat na kaharian sa lupa na nasa ilalim ng kaniyang kapangyarihan, at ang lahat na bayan, bumaka laban sa Jerusalem, at laban sa lahat ng mga ciudad noon, na nagsabing: 2 Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel: Ikaw ay yumaon, at magsalita kay Zedekias na hari sa Juda, at iyong saysayin sa kaniyang: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, aking ibibigay ang ciudad na ito sa kamay ng hari sa Babilonia, at kaniyang susunugin ng apoy: 3 at ikaw ay hindi makatataanan sa kaniyang kamay, kungdi tunay na mahuhuli ka, at mabibigay sa kaniyang kamay; at ang iyong mga mata ay titingin sa mga mata ng hari sa Babilonia, at siya'y makikipagsalitaan sa iyo ng bibig at bibig, at ikaw ay paroroon sa Babilonia. 4 Gayon ma'y iyong dingin ang salita ng PANGINOON, Oh Zedekias na hari sa Juda: ganito ang sabi ng PANGINOON tungkol sa iyo: Ikaw ay hindi mamamatay sa pamamagitan ng tabak; 5 ikaw ay mamamatay sa kapayapaan; at ayon sa pagsusunog ng kamanyan ng iyong mga magulang na mga unang hari na una sa iyo, gayon sila magsusunog para sa iyo; at kanilang taghuyan ka, na magsasabing: ¡Ah panginoon! sapagka't ako'y nagsalita ng salita, sabi ng PANGINOON. 6 Ng magkagayo'y sinalita ni Jeremias na profeta ang lahat ng salitang ito kay Zedekias na hari sa Juda sa Jerusalem, 7 ng bumaka ang kawal ng hari sa Babilonia laban sa Jerusalem, at laban sa lahat na ciudad ng Juda na nalabi, laban sa Lakis at laban sa Azeka; sapagka't ang mga ito lamang ang nalalabi na mga ciudad ng Juda na mga nababakuran.

8 Ang salita na dumating kay Jeremias na mula sa PANGINOON, pagkatapos na makagawa ng tipan ang haring Zedekias sa boong bayan na nasa Jerusalem upang magtanyag ng kalayaan sa kanila; 9 na papaging layain ng bawat isa ang kaniyang

aliping lalaki, at ng bawa't isa ang kaniyang aliping babaye, sa parsaang Hebreo o Hebreá; na walang paglilingkuran sila, sa *matatuid baga'y* sa Judío na kaniyang kapatid: **10** at ang lahat na pangulo at ang boong bayan ay sumunod, na nasok sa tipan, na bawa't isa'y magpapaging laya sa kaniyang aliping lalaki, at bawa't isa'y sa kaniyang aliping babaye, na walang paglilingkuran pa sila; sila'y sumunod, at kanilang mga pinayaon: **11** nguni't pagkatapos ay nagbalik sila, at pinapabalik ang mga aliping lalaki at babaye na kanilang pinapaging laya, at kanilang dinala sa ilalim ng pagkaalipin lalaki at babaye: **12** kaya't ang salita ng PANGINOON ay dumating kay Jeremias na mula sa PANGINOON, na nagsabing: **13** Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel: Ako'y gumawa ng tipan sa inyong mga magulang sa araw na aking inilabas sila mula sa lupain ng Egipto, mula sa bahay ng pagkaalipin, na aking sinabing: **14** Sa katapusan ng pitong taon ay payayaunin ng bawa't isa sa inyo ang kaniyang kapatid na Hebreo, na naipagbili sa iyo, at naglingkod sa iyo na anim na taon, at iyong papapaging layain sa iyo: nguni't ang inyong mga magulang ay hindi nakinig sa akin, o ikiniling man ang kanilang pakinig. **15** At ngayo'y nagbalik kayo at gumawa ng matuid sa aking mga mata sa pagtatanyag ng kalayaan ng bawa't tawo sa kaniyang kapua; at kayo'y gumawa ng tipan sa harap ko sa bahay na tinawag sa aking pangalan: **16** nguni't kayo'y nagbalik at inyong dinumhan ang aking pangalan, at pinabalik ng bawa't isa ang kaniyang aliping lalaki, at ng bawa't isa ang kaniyang aliping babaye na inyong pinapaging laya sa kanilang kaligayahan: at inyong mga dinala sa pagkaalipin upang maging sa inyo'y mga aliping lalaki at babaye. **17** Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON: Kayo'y hindi nakinig sa akin, na magtanyag ng kalayaan, ang bawa't isa sa kaniyang kapatid, at bawa't isa sa kaniyang kapua: narito, ako'y nagtatanyag sa inyo ng kalayaan, sabi ng PANGINOON, sa tabak, sa salot, at sa kagutom; at aking kayong ipaaapi na paroo't parito sa lahat ng kaharian sa lupa. **18** At aking ibibigay ang mga lalaki na sumalangsang ng aking tipan, na hindi tumupad ng mga salita ng tipan na kanilang ginawa sa harap ko, ng kanilang hatiin ang guya at magpalagpas sa pag-itan ng mga bahagi noon; **19** ang

mga pangulo sa Juda, at ang mga pangulo sa Jerusalem, ang mga bating, at ang mga sacerdote, at ang boong bayan ng lupain, na dumaan sa pag-itan ng mga bahagi ng guya; **20** akin ngang ibibigay sila sa kamay ng kanilang mga kaaway, at sa kamay ng mga umuusig ng kanilang buhay: at ang kanilang mga bangkay ay magiging pinakapagkain sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop sa lupa. **21** At si Zedekias na hari sa Juda at ang kaniyang mga pangulo ay ibibigay ko sa kamay ng kanilang mga kaaway, at sa kamay ng mga umuusig ng kanilang buhay, at sa kamay ng kawal ng hari sa Babilonia, na sumampang mula sa inyo. **22** Narito, ako'y mag-utos sabi ng PANGINOON, at akin silang pabalikin sa ciudad na ito; at sila'y babaka laban doon, at sasakupin, at kanilang susunugin ng apoy: at aking gagawing kagibuan ang mga ciudad ng Juda, na mawawalan ng mananahan.

**35** Ang salita na dumating kay Jeremias na mula sa PANGINOON sa mga kaarawan ni Joakim na anak ni Josias, na hari sa Juda, na nagsabing: **2** Ikaw ay pumaroon sa bahay ng mga Rekabita, at magsalita ka sa kanila, at iyong mga dalhin sa bahay ng PANGINOON, sa isa sa mga silid, at bigyan mo sila ng alak na matuom. **3** Ng magkagayo'y kinuha ko si Jaazaniah na anak ni Jeremias, na anak ni Habazinius, at ang kaniyang mga kapatid, at ang lahat niyang mga anak, at ang boong bahay ng mga Rekabita; **4** at dinala ko sila sa bahay ng PANGINOON, sa silid ng mga anak ni Hian na anak ni Igdalias, na lalaki ng Dios, na nasa siping ng silid ng mga pangulo, na nasa itaas ng silid ni Maaseya na anak ni Sallum, na tagatanod ng pintuan: **5** at aking inilagay sa harap ng mga anak ng bahay ng mga Rekabita ang mga mankok na puno ng alak, at ang mga kopa, at aking sinabi sa kanilang: Kayo'y uminon ng alak. **6** Nguni't kanilang sinabing: Kami ay hindi ininom ng alak: sapagka't si Jonadab na anak ni Rekab na aming magulang ay nag-utos sa amin, na nagsabing: Kayo'y huag ininom ng alak, maging kayo, o ang inyong mga anak man, magpakailan man: **7** huag man kayong magtatayo ng bahay, o magbahasik ng binhi, o magtatanim sa uvasan, o magtatankilik ng ano man:



kungdi ang lahat ninyong mga araw ay inyong itatahan sa mga dampa; upang kayo ay mabuhay na malaon sa lupain na inyong pangngibahang-bayan. **8** At aming sinunod ang voces ni Jonadab na anak ni Rekab na aming magulang sa lahat na kaniyang ibinilin sa amin na huag uminom ng alak sa lahat ng araw namin, kami, ang aming mga asawa, ang aming mga anak na lalaki o babaye man; **9** huag man kaming magtayo ng mga bahay na aming matahanan: huag man kaming magtan- kilik ng uvasan, o ng bukid, o ng binhi: **10** kungdi kami ay tumahan sa mga dampa, at kami ay sumunod, at gumawa ng ayon sa lahat na iniutos sa amin ni Jonadab na aming magulang. **11** Nguni't uangyari, ng si Nebukadrezar na hari sa Babilonia ay sumampa sa lupain, na aming sinabing: Tayo na, at tayo'y pumaroon sa Jerusalem dahil sa takot sa kawal ng mga Kaldeo, at dahil sa takot sa kawal ng mga taga Siria: sa gayo'y tumatahan kami sa Jerusalem.

**12** Ng magkagayo'y dumating ang salita ng PANGINOON kay Jeremias, na nagsabing: **13** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Ikaw ay yumaon, at sabihin mo sa mga lalaki sa Juda at sa mga mananahan sa Jerusalem: Hindi ba kayo tatanggap ng aral upang dingin ang aking mga salita? sabi ng PANGINOON. **14** Ang mga salita ni Jonadab na anak ni Rekab, na kaniyang iniutos sa kaniyang mga anak, na huag uminom ng alak, ay natupad, at hangang sa araw na ito ay hindi sila uminom, sapagka't kanilang sinunod ang voces ng kanilang magulang: nguni't aking sinalita, sa inyo, na bumabangon akong maaga, at aking sinasalita, at hindi ninyo ako dininig. **15** Akin namang sinugo sa inyo ang lahat kong mga alipin na mga profeta, na bumabangon akong maaga, at akin silang sinusugo, na aking sinasabing: Kayo'y humiwalay ngayon bawa't isa sa kaniyang masamang lakad, at pabutihin ninyo ang inyong mga gawa, at huag kayong sumunod sa mga ibang dios na maglingkod sa kanila, at kayo'y tatahan sa lupain na ibinigay ko sa inyo, at sa inyong mga magulang: nguni't hindi ninyo ikiniling ang inyong pakinig, o dininig man ninyo ako. **16** Sa paraang tinupad ng mga anak ni Jonadab na anak ni Rekab ang utos ng kanilang magulang na iniutos sa kanila, nguni't ang bayang

ito ay hindi nakinig sa akin; **17** kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Narito, aking dadalhin sa Juda at sa lahat na mananahan sa Jerusalem ang lahat na kasam-an na aking sinalita laban sa kanila: sapagka't ako'y nagsalita sa kanila, nguni't hindi sila nakinig; at ako'y tumawag sa kanila, nguni't hindi sila sumagot. **18** At sinabi ni Jeremias sa bahay ng mga Rekabita: Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Sapagka't inyong sinunod ang utos ni Jonadab na inyong magulang, at inyong iningatan ang lahat niyang palatuntunan, at inyong ginawa ang ayon sa lahat na kaniyang iniutos sa inyo; **19** kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Si Jonadab na anak ni Rekab ay hindi magkakailangan ng lalaki na tatayo sa harap ko magpakailan man.

**36** At nangyari ng ikaapat na taon ni Joakim na anak ni Josias, na hari sa Juda, na ang salitang ito ay dumating kay Jeremias na mula sa PANGINOON, na nagsabing: **2** Kumuha ka ng ikid ng isang libro, at iyong isulat doon ang lahat na salita na aking sinalita sa iyo laban sa Israel, at laban sa Juda, at laban sa lahat ng nasyon, mula ng araw na mag-salita ako sa iyo, mula ng kaarawan ni Josias, hangang sa araw na ito. **3** Marahil ay maririnig ng bahay ng Juda ang lahat na kasam-an na aking ipinasiyag gawin sa kanila; upang sila'y humiwalay bawa't isa sa kaniyang masamang lakad; upang aking maipatawad ang kanilang kasam-an at ang kanilang kasalanan. **4** Ng magkagayo'y tinawag ni Jeremias si Baruk na anak ni Nerias; at sinulat ni Baruk ang lahat ng salita ng PANGINOON na mula sa bibig ni Jeremias, na sinalita niya sa kaniya, sa ikid ng isang libro. **5** At si Jeremias ay nagutos kay Baruk, na nagsabing: Ako'y nakukulong; hindi ako makapasok sa bahay ng PANGINOON: **6** kaya't pumaroon ka, at basahin mo sa ikid, ang iyong isinulat na mula sa aking bibig, ang mga salita ng PANGINOON sa mga pakinig ng bayan sa bahay ng PANGINOON sa kaarawan ng pag-aayuno: at iyo ring babasahin sa mga pakinig ng boong Juda na lumabas sa kanilang mga ciudad. **7** Marahil ay maghaharap sila ng kanilang pamanhik sa harap ng PANGINOON, at hihiwalay bawa't isa sa kaniyang masamang lakad: sapagka't ma-

laki ang galit at ang pag-aalab ng loob na sinalita ng PANGINOON laban sa bayang ito. **8** At ginawa ni Baruk na anak ni Nerias ang ayon sa lahat na inutos ni Jeremias na profeta sa kaniya, na binasa sa libro ang mga salita ng PANGINOON sa bahay ng PANGINOON. **9** Nangyari nga ng ikalimang taon ni Joakim na anak ni Josias, na hari sa Juda sa ikasiam na buan, na ang boong bayan sa Jerusalem, at ang boong bayan na nangaling sa mga ciudad ng Juda sa Jerusalem, nagtanyag ng ayuno sa harap ng PANGINOON. **10** Ng magkagayo'y binasa ni Baruk sa libro ang mga salita ni Jeremias sa bahay ng PANGINOON, sa silid ni Gemarias na anak ni Safan na kalihim, sa mataas na looban sa pasukan ng bagong pintuangdaan ng bahay ng PANGINOON, sa mga pakinig ng boong bayan. **11** At ng maraig ni Mikaya na anak ni Gemarias, na anak ni Safan, ang lahat na salita ng PANGINOON mula sa libro, **12** siya'y bumaba sa bahay ng hari, sa loob ng silid ng kalihim: at, narito, lahat ng pangulo ay umupo doon, si Elisama na kalihim, at si Delaya na anak ni Semaya, at si Elnatan na anak ni Akbor, at si Gemarias na anak ni Safan, at si Zedekias na anak ni Hananias, at ang lahat na pangulo. **13** Ng magkagayo'y inihayag ni Mikaya sa kaniya ang lahat na salita na kaniyang narinig, ng basahin ni Baruk ang libro sa mga pakinig ng bayan. **14** Kaya't sinugo ng lahat na pangulo si Jehudi na anak ni Netanias, na anak ni Zelemias, na anak ni Kusi, kay Baruk, na nagsabing: Tangnan mo sa iyong kamay ang ikid na iyong binasa sa mga pakinig ng bayan, at parito ka. Sa gayo'y tinangnan ni Baruk na anak ni Nerias ang ikid sa kaniyang kamay, at naparoon sa kanila. **15** At sinabi nila sa kaniyang: Ikaw ay umupo ngayon, at basahin mo sa aming mga pakinig. Sa gayo'y binasa ni Baruk sa kanilang mga pakinig. **16** Nangyari nga, ng kanilang marinig ang lahat na salita, sila'y nagtalikurang isa't isa sa takot, at nagsabi kay Baruk: Tunay na aming sasalitain sa hari ang lahat na mga salitang ito. **17** At kanilang tinanong si Baruk, na sinabing: Iyong sagsayin ngayon sa aming: ? Kung paanong iyong isinulat ang lahat ng salitang ito sa kaniyang bibig? **18** Ng magkagayo'y sumagot si Baruk sa kaniang: Kaniyang sinalita ang lahat na mga salitang ito sa akin ng kaniyang bibig, at aking mga

isinulat ng tiuta sa libro. **19** Ng magkagayo'y sinabi ng mga pangulo kay Baruk: Ikaw ay yumaon, magtago ka, ikaw at si Jeremias; at huag malaman ng tawo ang inyong karoroonan. **20** At kanilang pinasok ang hari sa looban; nguni't kanilang inilagay ang ikid sa silid ni Elisama na kalihim; at kanilang isinaysay ang lahat na salita sa mga pakinig ng hari. **21** Sa gayo'y sinugo ng hari si Jehudi upang kumín ang ikid: at kaniyang kinuha sa silid ni Elisama na kalihim. At binasa ni Jehudi sa mga pakinig ng hari, at sa mga pakinig ng lahat na pangulo na nakatayo sa siping ng hari. **22** Ang hari nga ay nauupo sa bahay na pantag-inaw sa ikasiam na buan: at may apoy sa apuyan na nagninging sa harap niya. **23** At nangyari, ng mabasa ni Jehudi ang tutlo o apat na dahon, na pinutol ng hari ng lanzeta, at inihagis sa apoy na nasa apuyan, hangang sa masupek ang boong ikid sa apoy na nasa apuyan. **24** At sila'y hindi natakot, o pinunit man nila ang kanilang mga suot, maging ang hari, o ang sino man sa kaniyang mga alipin na nakarinig ng lahat na salitang ito. **25** Bokod dito'y si Elnatan, at si Delaya, at si Gemarias ay namag-itan sa hari na huag niyang sunugin ang ikid: nguni't hindi niya dininig sila. **26** At nag-utos ang hari kay Jerameel na anak ng hari, at kay Seraya na anak ni Azriel, at kay Selenias na anak ni Abdeel, upang hulihin si Baruk na kalihim at si Jeremias na profeta: nguni't ikinubli ng PANGINOON.

**27** Ng magkagayo'y dumating ang salita ng PANGINOON kay Jeremias (pagkatapos na masunog ng hari ang ikid, at ang mga salita na isinulat ni Baruk na mula sa bibig ni Jeremias,) na sinabing: **28** Kumuha ka uli ng ibang ikid, at sulatan mo ng lahat na dating salita na nasa unang ikid na sinunog ni Joakim na hari sa Juda. **29** At tungkol kay Joakim na hari sa Juda ay iyong sasabihing: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Iyong sinunog ang ikid na ito, na iyong sinabing: ? Bakit iyong isinulat doon, na sinabing: Tunay na ang hari sa Babilonia ay paririto at gigibain ang lupaing ito, at palilikatin doon ang tawo at ang hayop? **30** Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON, tungkol kay Joakim na hari sa Juda: Siya'y mawawalan ng uupo sa luklukan ni David: at

ang kaniyang bangkay sa araw ay mahahagis sa init, at sa gabi ay sa escarcha. **31** At aking parurusahan siya at ang kaniyang binhi at ang kaniyang mga alipin dahil sa kanilang kasam-an; at aking dadalhin sa kanila, at sa mga mananahan sa Jerusalem, at sa mga lalaki ng Juda, ang lahat na kasam-an na aking sinalita laban sa kanila, nguni't hindi nila dininig. **32** Ng magkagayo'y kumuha si Jeremias ng ibang ikid, at ibinigay kay Baruk na kalihim, na anak ni Neria; na nagsulat doon ng mula sa bibig ni Jeremias ng lahat ng salita ng libro na sinunog ni Joakim na hari sa Juda sa apoy: at nagdagdag pa sa mga yaon ng maraming gayong salita.

**37** At si Zedekias na anak ni Josias ay naghari na parang hari, na humalili kay Konias na anak ni Joakim, na ginawang hari sa lupain ng Juda ni Nebukadrezar na hari sa Babilonia. **2** Nguni't maging siya o ang kaniyang mga lingkod man, o ang bayan sa lupain man, hindi nakinig ng mga salita ng PANGINOON na kaniyang sinalita sa pamamag-itan ng profeta Jeremias.

**3** At sinugo ni Zedekias na hari si Jehukal na anak ni Selemias, at si Zefanias na anak ni Maasias na sacerdote, sa profeta Jeremias, na nagsabing: Idalangin mo kami ngayon sa PANGINOONG ating Dios.

**4** Si Jeremias nga ay naglalabas pumasok sa gitna ng bayan: sapagka't hindi nila inilagay siya sa bilangguan. **5** At ang kawal ni Faraon ay lumabas sa Egipto: at ng mabalitan sila ng mga Kaldeo na kinulong ang Jerusalem, kanilang nilisan ang Jerusalem. **6** Ng magkagayo'y dumating ang salita ng PANGINOON sa profeta Jeremias, na nagsabing: **7** Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel: Ganito ang inyong sasabihin sa hari sa Juda, na nagsugo sa inyo sa akin upang magsiyasat sa akin: Narito, ang kawal ni Faraon, na lumabas upang tulungan kayo, babalik sa Egipto sa kanilang sariling lupain. **8** At ang mga Kaldeo ay paririto uli, at babaka laban sa ciudad na ito; at kanilang sasakupin, at susunugin ang apoy. **9** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Huag ninyong dayain ang inyong sarili, na magsabing: Tunay na hihiwalay sa atin ang mga Kaldeo: sapagka't hindi hihiwalay. **10** Sapagka't бага man inyong sinugatan ang boong kawal ng mga Kaldeo na bumabaka laban sa inyo, at ang naiwan lamang doon ay

mga lalaking sugatan sa gitna nila, gayon may babangon ang bawat isa sa kaniyang dampa, at susunugin ang ciudad na ito ng apoy.

**11** At nangyari, na ng umurong ang kawal ng mga Kaldeo sa Jerusalem dahil sa takot sa kawal ni Faraon, **12** lumabas nga si Jeremias sa Jerusalem upang pumasok sa lupain ng Benjamin, upang tumanggap ng kaniyang bahagi doon, sa gitna ng bayan. **13** At ng siya'y nasa pintuangdaan ng Benjamin, isang kapitan ng bantay ay nandoon na ang pangalan ay Iriyas, na anak ni Selemias, na anak ni Hananias; at kaniyang dinakip si Jeremias na profeta, na sinabing: Ikaw ay kumakampi sa mga Kaldeo. **14** Ng magkagayo'y sinabi ni Jeremias: Kasinungalingan, hindi ako kumakampi sa mga Kaldeo; nguni't hindi niya dininig siya: sa gayo'y dinakip ni Iriyas si Jeremias, at dinala sa mga pangulo. **15** At ang mga pangulo ay nag-init kay Jeremias, at sinugatan nila siya, at isinilid sa bilangguan sa bahay ni Jonatan na kalihim; sapagka't kanilang ginawang bilangguan ang bilangguan doon. **16** Ng si Jeremias ay makapasok sa bahay na hukay sa isa loob ng mga silid, at ng mabilango si Jeremias doon na malaon; **17** nagsugo nga si Zedekias na hari at kinuha siya: at tinanong na lihim siya ng hari sa kaniyang bahay, at nagsabing: May ano man bang salitang mula sa PANGINOON? At sinabi ni Jeremias: Mairoon. Sinabi rin niyang: Ikaw ay mabibigay sa kamay ng hari sa Babilonia. **18** Bukod dito'y sinabi ni Jeremias sa haring Zedekias: Sa ano ako nagkasala laban sa iyo, o laban sa iyong mga lingkod, o laban sa bayang ito upang ilagay ninyo ako sa bilangguan? **19** Saan nandoon ngayon ang inyong mga profeta na nanghuhula sa inyo, na nagsasabing: Ang hari sa Babilonia ay hindi paririto laban sa inyo, o laban man sa lupaing ito? **20** At ngayo'y iyong dingin, isinasamo ko sa iyo, Oh panginoon ko na hari: isinasamo ko sa iyo na tangapin ang aking pamahik sa harap mo, upang huag mo akong pabalikin sa bahay ni Jonatan na kalihim, baka mamatay akoroon. **21** Ng magkagayo'y nag-utos si Zedekias na hari, at kanilang ibinalango si Jeremias na looban ng bantay, at kanilang binigyan siya araw-araw ng isang putol na tinapay na mula sa langsgangan ng mga magtitanapay, hangang sa naubos

ang lahat na tinapay sa ciudad. Ganito nabilango si Jeremias sa looban ng bantay.

**38** At narinig ni Sefatias na anak ni Matan, at ni Gedalias na anak ni Pasur, at ni Jukal na anak ni Selemias, at ni Pasur na anak ni Malkiyas ang mga salita na sinalita ni Jeremias sa boong bayan, na nagsabing, **2** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Ang tumatahan sa ciudad na ito ay mamamatay sa pamamag-itan ng tabak, sa pamamag-itan ng kagutom, at sa pamamag-itan ng salot: nguni't ang lumalabas sa mga Kaldeo ay mabubuhay, at ang kaniyang buhay ay magiging sa kaniya'y pinakasamsam, at siya'y mabubuhay. **3** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Tunay na ang ciudad na ito ay mabibigay sa kamay ng kawal ng hari sa Babilonia, at sasakupin niya. **4** Ng magkagayo'y sinabi ng mga pangulo sa haring: Isinasamo namin sa iyo na ipapatay ang lalaking ito; sa paraang kaniyang pinahina ang mga kamay ng mga lalaking pangbaka na nalalabi sa ciudad na ito, at ang mga kamay ng boong bayan, sa pagsasalita ng ganiyang mga salita sa kanila: sapagka't hindi himahanap ng lalaking iyan ang kabutihan ng bayang ito, kungdi ang ikapapahamak. **5** At sinabi ni Zedekias na hari: Narito, siya'y nasa inyong kamay: sapagka't hindi ang hari ang makagagawa ng ano man laban sa inyo. **6** Ng magkagayo'y sinungaban nila si Jeremias, at inihagis siya sa hukay ni Malkias na anak ng hari, na nasa looban ng bantay: at kanilang ibinaba si Jeremias sa pamamag-itan ng mga lubid. At sa hukay ay walang tubig, kungdi putikan: at lumubog si Jeremias sa putikan. **7** Ng marinig nga ni Ebed-melek na taga Etiopia, na bating na nasa bahay ng hari, na kanilang isinilid si Jeremias sa hukay; ang hari nga ay nauupo sa pintuang-daan ng Benjamin; **8** si Ebed-melek ay lumabas sa bahay ng hari, at nagsalita sa hari, na nagsabing: **9** Panginoon ko na hari, ang mga lalaking ito ay gumawa ng kasam-an sa lahat ng kanilang ginawa kay Jeremias na profeta, na kanilang isinilid sa hukay; at siya'y mamamatay sa lugar na kaniyang kinaroonan dahil sa kagutom: sapagka't wala ng tinapay sa ciudad. **10** Ng magkagayo'y nag-utos ang hari kay Ebed-melek na taga Etiopia, na sinabing: Magsama ka mula rito ng tatlong puong lalaki, at isampa mo si Jeremias na profeta mula sa hukay, bago

siya mamatay. **11** Sa gayo'y nagsama ng mga lalaki si Ebed-melek, at nasek sa bahay ng hari, sa ilalim ng silid ng kayamanan, at kumuha mula roon ng mga tapon na damit at mga lumang basahan, at kanilang mga ibinaba sa pamamag-itan ng mga lubid sa hukay kay Jeremias. **12** At sinabi ni Ebed-melek na taga Etiopia kay Jeremias: Ilagay mo ngayon ang mga tapong damit na ito at ang mga lumang basahang ito sa iyong mga kilikili sa ilalim ng mga lubid. At ginawang gayon ni Jeremias. **13** Sa gayo'y isinampa nila si Jeremias ng mga lubid, at itinaas siya mula sa hukay, at si Jeremias ay naiwan sa looban ng bantay. **14** Ng magkagayo'y nagsugo si Zedekias na hari, at ipinagsama si Jeremias na profeta sa ikatlong pasukan na nasa bahay ng PANGINOON: at sinabi ng hari kay Jeremias: Magtatanong ako sa iyo ng isang bagay; luag kang maglihim ng ano man sa akin. **15** Ng magkagayo'y sinabi ni Jeremias kay Zedekias: Kung saysayin ko sa iyo, ¿hindi mo ba tunay na ipapatay ako? at kung bigyan kita ng payo, hindi ka makikinig sa akin. **16** Sa gayo'y si Zedekias ay sumumpang lihim kay Jeremias, na nagsabing: Buhay ang PANGINOON na lumalang ng ating kalulua, hindi kita ipapapatay o ibibigay man kita sa kamay ng mga lalaking ito na umuusig ng iyong buhay. **17** Ng magkagayo'y sinabi ni Jeremias kay Zedekias: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Magdi-Dios ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Kung iyong lalabasin ang mga pangulo ng hari sa Babilonia, mabubuhay nga ang iyong kalulua, at ang ciudad na ito ay hindi masusunog ng apoy; at ikaw ay mabubuhay, at ang iyong bahay: **18** nguni't kung hindi mo lalabasin ang mga pangulo ng hari sa Babilonia, mabibigay nga ang ciudad na ito sa kamay ng mga Kaldeo, at kanilang susunugin ng apoy, at ikaw ay hindi makatataan sa kanilang kamay. **19** At sinabi ni Zedekias na hari kay Jeremias: Ako'y takot sa mga Judio na kumampi sa mga Kaldeo, baka ako'y ibigay nila sa kanilang kamay, at kanilang tuyain ako. **20** Nguni't sinabi ni Jeremias: Hindi ka ibibigay nila. Isinasamo ko sa iyo, na sundin mo ang voices ng PANGINOON, tungkol sa aking sinalita sa iyo: sa gayo'y yayaong mabuti sa iyo, at ang iyong kalulua ay mabubuhay. **21** Nguni't kung ikaw ay tumanging lumabas, ito ang

salita na ipinakilala sa alein ng PANGINOON: **22** Narito, lahat ng babaye na naiwan sa bahay ng hari sa Juda ay malalabas sa mga pangulo ng hari sa Babilonia, at ang mga babayeng yaon ay magsasabing: Hinikayat ka ng iyong mga kasamasamang mga kaibigan, at nanaig sa iyo: *ngayong* ang iyong paa nga ay nalubog sa putikan, mga nagbalik. **23** At kanilang dadalhin ang lahat mong mga asawa at ang iyong mga anak sa mga Kaldeo: at hindi ka makatataanan sa kanilang kamay, kungdi ikaw ay mahuhuli ng kamay ng hari sa Babilonia: at iyong ipasusunog ng apoy ang ciudad na ito. **24** Ng magkagayo'y sinabi ni Zedekias kay Jeremias: Huag malaman ng tawo ang mga salitang ito, at hindi ka mamamatay. **25** Nguni't kung mabalitaan ng mga pangulo na ako'y nakipagsalitaan sa iyo, at sila'y pumaroon sa iyo, at magsabi sa iyong: Ihayag mo sa amin ngayon kung ano ang iyong sinabi sa hari; huag mong ikubli sa amin at hindi ka namini ipapatay: gayon din kung anong sinabi ng hari sa iyo: **26** iyo ngang sasabihin sa kanilang: Aking iniharap ang aking pamanhik sa harap ng hari, na huag niya akong pabalikin sa bahay ni Jonatan, upang mamatay doon. **27** Ng magkagayo'y dumating ang lahat na pangulo kay Jeremias, at nagtanong sa kaniya: at kaniyang isinaysay sa kanila ang ayon sa lahat ng salitang ito na inutos ng hari. Sa gayo'y pinabayaanan nilang magsalita siya; sapagka't ang bagay ay hindi nahalata. **28** Sa gayo'y tumahan si Jeremias sa looban ng bantayan hangang sa araw na masakop ang Jerusalem.

At nangyari ng masakop ang Jerusalem, **39** (ng ikasiam na taon ni Zedekias na hari sa Juda sa ikasampung buan, dumating si Nebukadrezar na hari sa Babilonia at ang kaniyang boong kawal laban sa Jerusalem, at kumulong doon; **2** ng ikalabing isang taon ni Zedekias, sa ikaapat na buan, na ikasiam na araw ng buan, isang sira ay nagawa sa ciudad:)) **3** na ang lahat ng pangulo ng hari sa Babilonia ay nasok, at naupo sa gitnang pintuang-daan, si Nergal-sarezer, si-Sangarnebo, si Sarse-kim, si Rab-saris, si Nergal-sarezer, si Rab-mag, sampuo ng nalabi sa mga pangulo ng hari sa Babilonia. **4** At nangyari, na ng makita sila ni Zedekias na hari sa Juda at ng lahat na lalaking pangbaka, tumakas nga sila, at lumabas sa

ciudad ng kinagabihan, sa daan ng halamanan ng hari, sa pintuang-daan sa pagitan ng dalawang kuta: at siya'y lumabas sa daan ng Araba. **5** Nguni't hinabol sila ng kawal ng mga Kaldeo, at inabutan si Zedekias sa mga kapatagan ng Jeriko: at ng kanilang mahuli siya, isinampa nila siya kay Nebukadrezar na hari sa Babilonia sa Ribla, sa lupain ng Hamat, at kaniyang binigyan ng kahatulan siya. **6** Ng magkagayo'y pinatay ng hari sa Babilonia ang mga anak ni Zedekias sa Ribla sa harap ng kaniyang mga mata: pinatay rin ng hari sa Babilonia ang lahat na mahal sa Juda. **7** Bukod dito'y kaniyang dinukit ang mga mata ni Zedekias at inilagay siya sa pangawanan, upang dalhin siya sa Babilonia. **8** At sinunog ng mga Kaldeo ang bahay ng hari, at ang mga bahay ng bayan, ng apoy, at ibinagsak ang mga kuta sa Jerusalem. **9** Ng magkagayo'y dinalang bihag sa Babilonia ni Nebuzaradan na kapitan ng bantay, ang nalabi sa bayan na naiwan sa ciudad, gayon din ang mga lumipat, na kumampi sa kaniya, at ang nalabi sa bayan na naiwan. **10** Nguni't si Nebuzaradan na kapitan ng bantay ay nag-iwan sa dukha sa bayan, na walang tinatankilik sa lupain ng Juda, at binigyan sila ng mga uvasan at ng mga bukid sa panahong ding yaon. **11** Si Nebukadrezar nga na hari sa Babilonia ay nagbilin kay Nebuzaradan na kapitan ng bantay ng tungkol kay Jeremias, na sinabing: **12** Kunin mo siya, at tingnan mo siyang mabuti, at huag mo siyang saktan; kungdi gawin mo sa kaniya ang kaniyang sasabihin sa iyo. **13** Sa gayo'y nagsugo si Nebuzaradan na kapitan ng bantay, at si Nebusazban, si Rab-saris, at si Nergal-sarezer, si Rab-mag, at lahat ng pangulong ofisial ng hari sa Babilonia; **14** sila'y nagsugo, at kinuha si Jeremias sa looban ng bantayan, at kanilang ipinagbilin siya kay Gedalias na anak ni Ahikam, na anak ni Safan na kaniyang iowi siya: sa gayo'y tumahan siya sa gitna ng bayan.

**15** Ang salita nga ng PANGINOON ay dumating kay Jeremias, samantalang siya'y nakukulong sa looban ng bantay, na nagsabing: **16** Ikaw ay yumaon, at magsalita kay Ebed-melek na taga Etiopia, na magsabing: Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Narito, aking dadalhin ang aking salita sa ciudad na ito sa ikasasama, at hindi sa ikabubuti; at mga matutupad sa harap

mo sa araw na yaon. **17** Ngunit' ililigtsa kita sa araw na yaon, sabi ng PANGINOON: at hindi ka mabibigay sa kamay ng mga lalaki na iyong kinatatakutan. **18** Sapagka't tunay na ililigtsa kita, at ikaw ay hindi maibubual ng tabak, kungdi ang iyong buhay ay magiging pinakasainsam sa iyo: sapagka't iyong inilagag ang iyong pag-awa sa akin, sabi ng PANGINOON.

**40** Ang salita na dumating kay Jeremias na mula sa PANGINOON, pagkatapos na mapagpaalam siya mula sa Rama ni Nebuzaradan na kapitan ng bantay, ng dalhin siya na siya'y natatankalan sa gitna ng lahat na bihag sa Jerusalem at sa Juda, na nadalang bihag sa Babilonia. **2** At kinuha si Jeremias ng kapitan ng bantay, at nagsabi sa kaniyang: Ang PANGINOONG Iyong Dios ay nagsalita ng kasam-ang ito sa lugar na ito: **3** at pinapangyari at ginawa ng PANGINOON ayon sa kaniyang sinalita; sapagka't kayo'y nagkasala laban sa PANGINOON, at hindi sunuod ng kaniyang reyes, kaya't ang bagay na ito ay dumating sa inyo. **4** At ngayon, narito, aking kinakalagan kita sa araw na ito ng mga tanikala na nasa iyong kamay. Kung inaakala mong mabuti na sumama sa akin sa Babilonia, halina, at lilingaping mabuti kita; ngunit' kung inaakala mong masama na sumama sa akin sa Babilonia, umurong ka: narito, boong lupain ay nasa harap mo; kung saan inaakala mong mabuti at marapat sa iyo na pumaroon, doon ka pumaroon. **5** Samantala ngang hindi pa siya tumatalikod: Tumalikod ka nga, *sabi niya*, kay Gedalias na anak ni Ahikam, na anak ni Safan, na ginawang gobernador ng hari sa Babilonia sa mga ciudad ng Juda, at tumahang kasama niya sa gitna ng bayan: o pumaroon ka kung saan mo inaakalang mabuting pumaroon. Sa gayo'y binigyan siya ng kapitan ng bantay ng pagkain at kaloob, at pinayaon siya. **6** Ng magkagayo'y naparoon si Jeremias kay Gedalias na anak ni Ahikam sa Mizpe, at tumahang kasama niya sa gitna ng bayan na naiwan sa lupain.

**7** Ng marinig nga ng lahat ng kapitan sa mga katibayan na nangasa mga parang, nila, at ng kanilang mga lalaki, na ginawang gobernador ng hari sa Babilonia si Gedalias na anak ni Ahikam sa lupain, at ipinagbilin sa kaniya ng mga lalaki, at mga babaye, at ng mga bata, at ng mga pinakadukha sa lupain, ang mga hindi nadalang bihag sa

Babilonia; **8** naparoon nga sila kay Gedalias sa Mizpe, si Ismael na anak ni Netanias, at si Johanan at si Jonatan na mga anak ni Karea, at si Seraya na anak ni Tanhomet, at ang mga anak ni Efsai na Netofatita, at si Jezamias na anak ng Maakatita, sila, at ang kanilang mga lalaki. **9** At si Gedalias na anak ni Ahikam, na anak ni Safan, sumumpa sa kanila at sa kanilang mga lalaki, na nagsabing: Huag kayong matakot na maglingkod sa mga Kaldeo: kayo'y tumahan sa lupain, at maglingkod sa hari sa Babilonia, at magiging mabuti sa inyo. **10** Tungkol sa akin, narito, ako'y tatahan sa Mizpe, upang tumayo sa harap ng mga Kaldeo, na paririto sa atin: ngunit' kayo, magpisan kayo ng alak at ng mga bungang pantagin-it at ng langis, at iyong mga ilagay sa inyong mga sisidlan, at kayo'y tumahan sa inyong mga ciudad na inyong sinakop. **11** Gayon din ng marinig ng lahat ng Judio na nasa Moab, at sa gitna ng mga anak ng Ammon, at sa Edom, at ng mga nasa lahat ng lupain, na ang hari sa Babilonia ay nag-iwan ng labi sa Juda, at inilagay niya sa kanila si Gedalias na anak ni Ahikam, na anak ni Safan; **12** lahat ng Judio nga ay bumalik na mula sa lahat ng lugar na kinatabuyan sa kanila, at naparoon sa lupain ng Juda kay Gedalias, sa Mizpe, at nagpisan ng alak at ng mga bungang pantagin-it na totoong marami.

**13** Bukod dito'y si Johanan na anak ni Karea, at ang lahat na kapitan ng mga katibayan na nasa mga parang, naparoon kay Gedalias sa Mizpe, **14** at nagsabi sa kaniyang: *¿Nalalaman mo ba na sinugo ni Baalis na hari sa mga anak ng Ammon si Ismael na anak ni Netanias upang kunin ang iyong buhay? Ngunit' si Gedalias na anak ni Ahikam ay hindi naniwala.* **15** Ng magkagayo'y si Johanan na anak ni Karea ay nagsalita ng lihim kay Gedalias sa Mizpe, na nagsabing: Isinasamo ko sa iyo, na payauin mo ako, at aking papatayin si Ismael na anak ni Netanias, at walang lulaking makakaalam: *¿bakit kaniyang kukunin ang iyong buhay, upang ang lahat na Judio na napipisan sa iyo ay mangalat, at malipol ang nalabi sa Juda?* **16** Ngunit' sinabi ni Gedalias na anak ni Ahikam kay Johanan na anak ni Karea: Huag mong gagawin ang bagay na ito: sapagka't ikaw ay nagsasalita ng kasinungalingan tungkol kay Ismael.

**41** Nangyari nga, ng ikapitong buan, na si Ismael na anak ni Netanias, na anak ni Elisama, na binhing hari, at isa sa mga puonong official ng hari, at sampuonng lalaki na kasama niya, naparoon kay Gedalias na anak ni Ahikam sa Mizpe; at doo'y kumain sila ng tinapay na magkasalo sa Mizpe. **2** Ng magkagayo'y nagtindig si Ismael na anak ni Netanias, at ang sampuonng lalaki na kasama niya, at sinugatan si Gedalias na anak ni Ahikam na anak ni Safan, ng tabak, at pinatay siya, na siyang ginawang gobernador sa lupain ng hari sa Babilonia. **3** Pinatay rin naman ni Ismael ang lahat na Judio na kasama niya, na kasama ni Gedalias, sa Mizpe, at ang mga Kaldeo na nasumpungan doon, ang mga lalaking pangbaka. **4** At nangyari, ng ikalawang araw, pagkatapos na kaniyang mapatay si Gedalias, at wala pang lalaking nakakaalam, **5** na naparoon ang ilan na mula sa Sekem, mula sa Silo, at mula sa Samaria, walong puonng lalaki, na may mga ahit na balbas at may mga hapak na kasuotan, at may mga kudlit, may mga alay at mga pangsuob sa kanilang kamay, upang mga dalhin sa bahay ng PANGINGOON. **6** At si Ismael na anak ni Netanias ay lumabas na mula sa Mizpe upang salubungin, na umiiyak habang yumayaon: at nangyari, pagka salubong niya sa kanila, sinabi niya sa kanilang: Pumaroon kayo kay Gedalias na anak ni Ahikam. **7** At nagkagayon, ng sila'y masok sa gitna ng ciudad, na pinatay sila ni Ismael na anak ni Netanias, at inihagis sila sa gitna ng hukay, niya, at ng mga lalaki na kasama niya. **8** Nguni't sampuonng lalaki ay nasumpungan sa kanila na nagsabi kay Ismael: Huag mo kaming patayin: sapagka't kami ay may mga kayamanan na kubli sa parang, na trigo, at cebada, at langis, at pulot. Sa gayo'y nagpigil siya, at hindi niya piatay sila sa gitna ng kanilang mga kapatid. **9** Ang hukay nga na pinagtapunan ni Ismael ng lahat ng bangkay ng mga tawo na kaniyang pinatay, sa siping ni Gedalias, (siya ring ginawa ni Asa na hari dahil sa takot kay Baasa na hari sa Israel,) pinuno ni Ismael na anak ni Netanias ng mga napatay. **10** Ng magkagayo'y dinalang bihag ni Ismael ang lahat na nalabi sa bayan na nasa Mizpe, ang mga anak na babaye ng hari, at ang boong bayan na nalabi sa Mizpe, na siyang mga ibinilin ni Nebuzaradan na

kapitan ng bantay kay Gedalias na anak ni Ahikam: mga dinalang bihag ni Ismael na anak ni Netanias, at nagpatuloy na yumaon sa mga anak ni Ammon.

**11** Nguni't ng marinig ni Johanan na anak ni Karea, at ng lahat na kapitan sa mga katibayan na kasama niya, ang boong kasam-an na ginawa ni Ismael na anak ni Netanias, **12** kinuha nga nila ang lahat na lalaki, at sila'y yumaong bumaka kay Ismael na anak ni Netanias, at nasumpungan nila siya sa tabi ng mga malaking tubig na nasa Gibeon. **13** Nangyari nga, ng makita ng boong bayan na kasama ni Ismael si Johanan na anak ni Karea, at ang lahat ng kapitan sa mga katibayan na kasama niya, sila nga'y natua. **14** Sa gayo'y ang boong bayan na dinalang bihag ni Ismael na mula sa Mizpe, ay pumihiit at bumalik, at naparoon kay Johanan na anak ni Karea. **15** Nguni't si Ismael na anak ni Netanias ay tumanaan kay Johanan na kasama ng walong lalaki, at naparoon sa mga anak ng Ammon. **16** Ng magkagayo'y kinuha ni Johanan na anak ni Karea at ng lahat ng kapitan sa mga katibayan na kasama niya, ang lahat na nalabi sa bayan na kaniyang nabawi kay Ismael na anak ni Netanias, mula sa Mizpe, pagkatapos na kaniyang mapatay si Gedalias na anak ni Ahikam, pati ng mga lalaking pangbaka, at ang mga babaye, at ang mga bata, at ang mga bating, na kaniyang mga ibinalik mula sa Gibeon; **17** at sila'y yumaon at tumahan sa Geruth Kimam, na nasa tabi ng Bet-lehem upang pumaroong pumasok sa Egipto, **18** dahil sa mga Kaldeo: sapagka't sila'y natakot sa kanila, sapagka't pinatay ni Ismael na anak ni Netanias si Gedalias na anak ni Ahikam, na ginawang gobernador sa lupain ng hari sa Babilonia.

**42** Ng magkagayo'y lahat ng kapitan sa mga katibayan, at si Johanan na anak ni Karea, at si Jezanias na anak ni Hosaya, at ang boong bayan, mula sa kaliitlititan hangang sa kalakilakihan, lumapit. **2** at nagsabi kay Jeremias na profeta: Isinasamo namin sa iyo, na tangapin ang aming pamanhik sa harap mo, at idalangin mo kami sa PANGINGOONG iyong Dios, ang lahat na nalabing ito; sapagka't kaming naiwan ay kaonti sa karamihan, gaya ng namamasdan ng iyong mga mata sa amin: **3** upang mapagpakitaan kami ng PANGINGOONG iyong Dios ng daan na aming marapat na lakaran, at

ng bagay na marapat namíng gawin. **4** Ng magkagayo'y sinabi ni Jeremias na profeta sa kanilang: Aking narinig kayo; narito, aking idadalangin kayo sa PANGINOONG inyong Dios ayon sa inyong mga salita; at mangyayari, na ano mang bagay na isasagot ng PANGINOON sa inyo, aking ihabayag sa inyo; hindi ako maglilihin sa inyo. **5** Ng magkagayo'y sinabi nila kay Jeremias: Ang PANGINOON ay maging tunay at tapat na saksi sa gitna namin, kung hindi namin nga gawin ang ayon sa boong salita na ipasusugo sa inyo ng PANGINOONG iyong Dios sa amin. **6** Maging mabuti, o maging masama, aming susundin ang voces ng PANGINOONG aming Dios, na siyang aming pinagsusugan sa inyo; upang yomaong mabuti sa amin, pagka aming sinunod ang voces ng PANGINOONG aming Dios.

**7** At nangyari, pagkatapos ng sampu-ong araw, na ang salita ng PANGINOON ay dumating kay Jeremias. **8** Ng magkagayo'y tinawag niya si Johanan na anak ni Karea, at ang lahat na kapitan sa mga katibayan na kasama niya, at ang boong bayan, mula sa kalitlilitan hangang sa kalakilakihan, at sinabi niya sa kanilang: **9** Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel, na inyong pinagsugan sa akin upang iharap ang inyong pamauhik sa harap niya: **10** Kung kayo'y lalaging tatahan sa lupaing ito, akin ngang itatayo kayo, at hindi ko kayo itutulak, at aking itatanim kayo, at hindi ko kayo bubunutin: sapagka't aking pinagsisihan ang kasamang nagawa ko sa inyo. **11** Kayo'y huag matakot sa hari sa Babilonia na inyong kinatatakutan; huag kayong matakot sa kaniya, sabi ng PANGINOON: sapagka't ako'y sumasainyo upang iligtas ko kayo at papaging layain kayo sa kaniyang kamay. **12** At pagkaka-looban ko kayo ng kaawaan, upang kaawaan niya kayo, at upang pabalikin kayo sa inyong sariling lupain. **13** Ngunit kung inyong sabihin: Kami ay hindi tatahan sa lupaing ito; na ano pa't huag ninyong sundin ang voces ng PANGINOONG inyong Dios; **14** na magsabing: Hindi, kungdi, paroroon kami sa lupain ng Egipto, na hindi namin kakikitaan ng pagbabaka, o karingingan man ng tunog ng pakakak, o kagugutuman ng tinapay; at doon kami tatahan: **15** inyo ngang dingin ang salita ng PANGINOON, Oh nalabi sa Juda: ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Kung inyong boong ititi-

tig ang inyong mukha upang pumasok sa Egipto, at pumaron upang mangibang bayan doon; **16** mangyayari nga na ang tabak na inyong kinatatakutan, aabot sa inyo doon sa lupain ng Egipto, at ang kagutom na inyong kinatatakutan, susunod sa inyo na mahigpit doon sa Egipto; at doon kayo mamamatay. **17** Gayon ang mangyayari sa lahat ng lalaki na magtitig ng kanilang mukha na pumaron sa Egipto, upang mangibang bayan doon; sila'y mamamatay sa pamamagitan ng tabak, ng kagutom at ng salot: at walang sa kanila'y maiwan o makatataanan man sa kasamang aking dadalhin sa kanila. **18** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel; Kung paanong ang aking galit at ang aking pag-aalab ng loob ay nabuhos sa mga mananahan sa Jerusalem, gayon mabubuhos ang aking pag-aalab ng loob sa inyo, pagka kayo'y nasok sa Egipto: at kayo'y magiging kakutyaan, at katigilan, at kasumpaan, at kaduhagihan; at hindi na ninyo makikita ang lugar na ito. **19** Ang PANGINOON ay nagsalita tungkol sa inyo, Oh, nalabi sa Juda; Huag kayong masok sa Egipto: talastasin ninyong tunay na ako'y nagpapatotoo sa inyo sa araw na ito. **20** Sapagka't kayo'y gumawang may karamayan laban sa inyong mga sariling kalulua; sapagka't inyong sinugo ako sa PANGINOONG inyong Dios, na inyong sinabing: Idalangin mo kami sa PANGINOONG ating Dios: at ayon sa lahat na sasabihin ng PANGINOONG ating Dios, gayon ihayag mo sa amin, at aming gagawin: **21** at aking inihayag sa inyo sa araw na ito; ngunit hindi ninyo dininig ang voces ng PANGINOONG inyong Dios sa ano mang bagay na kaniyang ipinasugo sa akin sa inyo. **22** Ngayon nga'y talastasin ninyong tunay na kayo'y mapapatay ng tabak, ng kagutom, at ng salot, sa lugar na inyong pagnasaang partunan upang pangibahang bayan.

**43** At nangyari, na ng si Jeremias ay makatapos ng pananalita sa boong bayan ng lahat ng salita ng PANGINOONG kanilang Dios na ipinasugo sa kaniya ng PANGINOONG kanilang Dios sa kanila, ang lahat ng salitang ito, **2** nagsalita nga kay Jeremias si Azarias na anak ni Hosaya, at si Johanan na anak ni Karea, at ang lahat na palaleng lalaki na nagsabing: Ikaw ay nagsasalita ng kasinungalingan: hindi ka sinugo ng PANGI-



NOONG ating Dios, na magsabing: Kayo'y huag paroroon sa Egipto upang mangibang bayaran doon: **3** kungdi hinikayat ni Baruk na anak ni Neria laban sa amin, upang ibigay kami sa kamay ng mga Kaldeo, upang maipapatay nila kami, at madala kaming bihag sa Babilonia. **4** Sa gayo'y si Johanan na anak ni Karea, at lahat ng kapitan sa mga katibayan, at ang boong bayan, hindi sumunod ng voces ng PANGINOON na tumahan sa lupain ng Juda. **5** Kungdi kinuha ni Johanan na anak ni Karea, at ng lahat na kapitan sa mga katibayan ang boong nalabi sa Juda na nagbalik na mula sa lahat ng nasyon na kinatabuyan nila na mangibang bayan sa lupain ng Juda; **6** ang mga lalaki, at ang mga babaye, at ang mga bata, at ang mga anak na babaye ng hari, at lahat ng tawo na naiwan ni Nebuzaradan na kapitan ng bantay na kasama ni Gedalias na anak ni Ahikam, na anak ni Safan, at si Jeremias na profeta, at si Baruk na anak ni Neria; **7** at sila'y nasok sa lupain ng Egipto; sapagka't hindi nila sinunod ang voces ng PANGINOON: at sila'y naparoon hangang sa Tapanes. **8** Ng magkagayo'y dumating ang salita ng PANGINOON kay Jeremias sa Tapanes, na nagsabing: **9** Tumangan ka ng mga malaking bato sa iyong kamay, at iyong mga ikubli ng argamasa sa nalaladrillohan, na nasa pasukan ng bahay ni Faraon, sa Tapanes sa paningin ng mga lalaki sa Juda: **10** at iyong sabihin sa kanilang: Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Narito, ako'y magsusugo at kukunin ko si Nebukadrezar na hari sa Babilonia, na aking alipin, at aking ilalagay ang kaniyang luklukan sa mga batong ito na aking ikubli; at kaniyang ilaladlad ang kaniyang tahananang hari sa kanila. **11** At siya'y paririto, at kaniyang susugatan ang lupain ng Egipto; na yaong sa pagkamatay ay mabibigay sa kamatayan, at yaong sa pagkabihaag ay sa pagkabihaag, at yaong sa tabak ay sa tabak. **12** At ako'y magsisilab ng apoy sa mga bahay ng mga dios sa Egipto; at kaniyang mga susunugin, at mga dadalhing bihag: at siya'y magbibihis ng lupain ng Egipto na parang pastor na nagbibihis ng kaniyang kasuotan; at siya'y lalabas na mula ryan na payapa. **13** Kaniya ring babaliin ang mga haligi ng Bet-semes na nasa lupain ng Egipto;

at ang mga bahay ng mga dios sa Egipto ay masusunog ng apoy.

**44** Ang salita na dumating kay Jeremias tungkol sa lahat na Judio na tumahan sa lupain ng Egipto na tumahan sa Migdol, at sa Tapanes, at sa Nof, at sa lupain ng Patros, na nagsabing: **2** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Inyong nakita ang lahat na kasam-an na aking dinala sa Jerusalem, at sa lahat ng ciudad ng Juda; at, narito, sa araw na ito, sila'y kagibaan, at walang tawong tumatahan doon; **3** dahil sa kanilang kasam-an na kanilang kinamit upang mungkahin ako sa galit; sa kanilang pagsusunog ng kamanyan, at sa paglilingkod sa ibang mga dios, na hindi nila nakilala, kahi't nila, o ninyo man, o ng inyong mga magulang man. **4** Gayon ma'y sinugo ko sa inyo ang lahat kong alipin na mga profeta, na bumabangon akong maaga at sinusugo ko sila, na nagsabing: Oh huag ninyong gawin ang kasuklamsuklam na bagay na ito na aking kinapopootan. **5** Ngunit hindi sila nakinig, o ikiniling man nila ang kanilang pakinig upang humiwalay sa kanilang kasam-an, upang huag magsunog ng kamanyan sa ibang mga dios. **6** Kaya't ang aking pag-aalab ng loob at ang aking galit ay nabuhos at naglaab sa mga ciudad ng Juda at sa mga langsgangan ng Jerusalem; at mga sira at giba, gaya sa araw na ito. **7** Kaya't ngayo'y ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Bakit kayo'y nagkakamit nitong malaking kasam-an laban sa inyong sariling mga kalulua, upang maghiwalay sa inyo ng lalaki at babaye, ng sangol at pasusuhin, sa gitna ng Juda, upang huag maiwanan kayo ng ano mang labi; **8** sa inyong pamumungkahi sa akin sa galit ng mga gawa ng inyong mga kamay, na nagsusunog ng kamanyan sa ibang mga dios sa lupain ng Egipto, na inyong kinaparoonan na pinangibahang bayan; upang kayo'y mahiwalay at upang kayo'y maging kasumpaan at kadustaan sa gitna ng lahat na nasyon sa lupa? **9** Inyo bang kinalimutan ang kasam-an ng inyong mga magulang, at ang kasam-an ng mga hari sa Juda, at ang kasam-an ng kanilang mga asawa, at ang inyong sariling kasam-an, at ang kasam-an ng inyong mga asawa, na kanilang nakamit sa lupain ng Juda, at sa mga langsgangan ng Jerusalem?

10 Sila'y hindi nangangayupapa hangang sa araw na ito, o natakot man sila, o lumakad man sila sa aking kautusan, o sa aking mga palatuntunan man, na aking itinalata sa inyo at sa inyong mga magulang. 11 Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo ng Dios ng Israel: Narito, aking itititig ang aking mukha laban sa inyo sa ikasasama, upang ihiwalay ang boong Juda. 12 At aking kukunin ang nalabi sa Juda na nagtitig ng kanilang mga mukha na masuk sa lupain ng Egipto upang mangibang bayan doon, at silang lahat ay malilipol; sa lupain ng Egipto ay mabubual sila; sila'y lilipulin ng tabak, at ng kagutom: sila'y mamamatay mula sa kaliitlilian hangang sa kalakilakihan sa pamamagitan ng tabak at ng kagutom: at sila'y magiging kakutyaan, at katigilan, at kasumpaan, at kadustaan. 13 Sapagka't aking parurusahan silang tumatahan sa lupain ng Egipto, gaya ng aking pagkapatrusa sa Jerusalem sa pamamagitan ng tabak, ng kagutom, at ng salot. 14 Na ano pa't wala sa nalabi sa Juda na nasok sa lupain ng Egipto na nangibang bayan doon, na makataananan o maiiwan, upang makabalik sa lupain ng Juda na kanilang pinagmanasaang pagbalikan upang tahanan: sapagka't walang babalik liban sa mga makataanan.

15 Ng magkagayo'y lahat ng lalaki na nakaalam na ang kanilang mga asawa ay nagsunog ng kamanyan sa ibang mga dios, at ang lahat na babaye na nakatayo, isang malaking kapisanan, ang boong bayan na tumahan sa lupain ng Egipto, sa Patros, sumagot kay Jeremias, na nagsabing: 16 Tungkol sa salita na iyong sinalita sa amin sa pangalan ng PANGINOON, hindi namin didingin sa iyo. 17 Kungdi aming tunay na tutuparin ang lahat na salita na lumalabas sa aming bibig, upang ipagsunog ng kamanyan ang reina ng langit, at ipagbuhos siya ng inuming handog, gaya ng aming ginawa, namin, at ng aming mga magulang, ng aming mga hari, at ng aming mga pangulo, sa mga ciudad ng Juda, at sa mga langganan ng Jerusalem: na aming pinagkaroonan nga saganang pagkain, at kami ay lumusay, at hindi nakakita ng kasam-an. 18 Ngunit mula ng aming iwan ang pagsusunog ng kamanyan sa reina ng langit, at magbuhos ng mga inuming handog sa kaniya, kami ay uagkailangan ng lahat na bagay, at kami

ay nalipol ng tabak at ng kagutom. 19 At ng kami ay nagsunog ng kamanyan sa reina ng langit, at ipagbuhos ng mga inuming handog siya, iginagawa ba namin siya ng mamon upang sambalin siya, at ipinagbuhos ba namin siya ng mga inuming handog, na wala ang aming mga asawa? 20 Ng magkagayo'y sinabi ni Jeremias sa boong bayan, sa mga lalaki, at sa sa mga babaye, sa boong bayan na nagbigay sa kaniya ng sagot na yaon, na nagsabing: 21 Ang kamanyan na inyong sinunog sa mga ciudad ng Juda, at sa mga langganan ng Jerusalem, ninyo, at ng inyong mga magulang, ng inyong mga hari at ng inyong mga pangulo, at ng bayan ng lupain, hindi ba mga inalala ng PANGINOON, at hindi ba mga nasok sa kaniyang pag-iisip? 22 Na ano pa't ang PANGINOON ay hindi nakapagpigil ng maluhat, dahil sa kasam-an ng inyong mga gawa, at dahil sa mga kasuklamsuklam na inyong kinamit; kaya't ang inyong lupain ay naging kabiguan, at katigilan, at kasumpaan, na walang mananahan gaya sa araw na ito. 23 Sapagka't kayo'y nagsunog ng kamanyan, at sapagka't kayo'y nagkasala laban sa PANGINOON, at hindi sumunod ng voces ng PANGINOON, o lumakad man sa kaniyang kautusan, o sa kaniyang palatuntunan man o sa kaniyang mga patotoo man; kaya't ang kasam-an ito ay dumating sa inyo, gaya sa araw na ito.

24 Bukod dito ay sinabi ni Jeremias sa boong bayan, at sa lahat ng babaye: Inyong dingin ang salita ng PANGINOON, boong Juda, na nasa lupain ng Egipto: 25 ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, na nagsabing: Kayo at ang inyong mga asawa ay nagsalita kapua ng inyong mga bibig, at tinupad ng inyong mga kamay, na nagsabing: Tunay na aming tutuparin ang aming mga panata na aming ipinanata, upang magsunog ng kamanyan sa reina ng langit, at ipagbuhos ng mga inuming handog siya: inyo ngang itag ang inyong mga panata, at inyong tuparin ang inyong mga panata. 26 Kaya't inyong dingin ang salita ng PANGINOON, boong Juda na tumatahan sa lupain ng Egipto: Narito, ako'y sumumpa ng aking dakilang pangalan, sabi ng PANGINOON, na ang aking pangalan ay luag ng mabangit sa bibig ng sino man sa Juda sa boong lupain ng Egipto, na sabiling: Buhay ang Panginoong Dios. 27 Narito, aking binaban-

tayan sila sa ikasama, at hindi sa ikabu-buti: at lahat ng lalaki sa Juda na nasa lupain ng Egipto ay malilipol sa pamamagitan ng tabak at ng kagutom, hangang sa magkaroon ng kawakasan sila. **28** At ang mga makataanaan sa tabak ay magbabalik sa lupain ng Juda na mula sa lupain ng Egipto, na kaonti sa bilang; at ang boong nalabi sa Juda, na nasok sa lupain ng Egipto na nangibang bayan doon, maka-kaalam ng kung kaminong salita ang tata-yo, kung akin o kamila. **29** At ito ang magiging tanda sa inyo, sabi ng PANGINOON, na aking parurusahan kayo sa lugar na ito, upang inyong makilala na ang aking salita ay tunay na tatayo laban sa inyo sa ikasama: **30** ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, aking ibibigay si Faraon Hofra na hari sa Egipto sa kamay ng kaniyang mga kaaway, at sa kamay ng mga umuusig ng kaniyang buhay; gaya ng pagkabigay ko kay Zedekias na hari sa Juda sa kamay ni Nebukadrezar na hari sa Babilonia, na kaniyang kaaway, at umuusig ng kaniyang buhay.

**45** Ang salita na sinalita ni Jeremias na profeta kay Baruk na anak ni Neria, ng sulatin niya ang mga salitang ito sa isang libro sa bibig ni Jeremias, sa ikaapat na taon ni Joakim na anak ni Josias, hari sa Juda, na nagsabing: **2** Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel, sa iyo, Oh Baruk: **3** Iyong sinabing: ¡Sa aba ko ngayon! sapagka't ang PANGINOON ay nagdagdag ng kapanlawan sa aking sakit; ako'y pagod ng aking angal, at hindi ako nakakasumpang ng kapahingahan. **4** Ganito ang sasabihin mo sa kaniya: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, na ang aking itinayo ay aking ibabagsak, at ang aking itinanim ay aking bubunutin; at ito'y sa boong lupain. **5** ¡At ikaw ba ay humahanap ng mga malaking bagay para sa iyong sarili? huag mong mga hanapin: sapagka't narito, ako'y magdadala ng kasaman sa lahat ng laman, sabi ng PANGINOON: nguni't ang iyong buhay ay ibibigay ko sa iyo na pinakahuli sa lahat ng lugar na iyong kapaparonan.

**46** Ang salita ng PANGINOON na dumating kay Jeremias na profeta tungkol sa mga nasyon.

**2** Sa Egipto: tungkol sa kawal ni Faraon-neko na hari sa Egipto, na nasa

tabi ng ilog ng Eufrates sa Karkemis' na sinugatan ni Nebukadrezar na hari sa Babilonia sa ikaapat na taon ni Joakim na anak ni Josias, na hari sa Juda.

**3** Inyong iayos ang longki at kalasag, at kayo'y lumapit sa pagbabaka. **4** Sinkawan ninyo ang mga kabayo, at kayo'y sumakay, kayong mga nangangabayo, at humarap kayong may inyong mga turbante; pakintabin ninyo ang mga sibat, at magsuot kayo ng sapyaw. **5** ¡Bakit aking nakitang sila'y nanlulupaypay at nagsisibalik?; at ang kani-lang mga makapangyarihan ay bual, at tumatakas na maliksi, at hindi lumilingon: kakilabutan ay nasa lahat ng dako, sabi ng PANGINOON. **6** Huag tumakas ang maliksi, o tumaanan man ang makapangyarihan; sa hilagaan sa tabi ng ilog Eufrates ay natisod sila at nabual. **7** ¡Sino itong bumabangon na parang Nilo na ang mga tubig ay nag-iinalong parang mga ilog? **8** Ang Egipto ay bumabangong parang Nilo, at ang kaniyang mga tubig ay nag-iinalong parang mga ilog: at kaniyang sinasabing: Ako'y babangon, aking tatakpan ang lupa; aking gigibain ang ciudad at ang mga mananaan noon. **9** Kayo'y sumangga, kayong mga kabayo; at kayo'y humagibis, kayong mga karro; at lumabas ang mga lalaking makapangyarihan: Kush at Put, na humahawak ng kalasag; at ang mga Ludio na humahawak at nag-aakma ng bosog. **10** Sapagka't ang araw na yaon ay sa Panginoon, sa PANGINOON ng mga hukbo, araw ng pagganti, upang maiganti niya siya sa kaniyang mga kaaway: at ang tabak ay lalamon at mabubusog, at magpapakalango sa dugo nila: sapagka't ang Panginoon, ang PANGINOON ng mga hukbo, may hayin sa hilagaang lupain sa tabi ng ilog Eufrates. **11** Sumampa ka sa Gilead, at kumuha ka ng dagta, Oh anak na dalaga ng Egipto: sa walang kabuluhan gumagamit ka ng maraming pangamot; walang kagamutan sa iyo. **12** Narinig ng mga nasyon ang iyong kahihiyang at ang lupa ay puno ng iyong hiyaw: sapagka't ang makapangyarihan ay natisod laban sa makapangyarihan, sila'y nabual kapua na magkasama.

**13** Ang salita na sinalita ng PANGINOON kay Jeremias na profeta, kung paanong si Nebukadrezar na hari sa Babilonia ay darating, at susugatan ang lupain ng Egipto.

**14** Inyong ihayag sa Egipto, at in-

yong itanyag sa Migdol, at inyong itanyag sa Nof, at sa Tapanes: Sabihin ninyong: Ikaw ay tumayo, at humanda ka; sapagka't ang tabak ay lumamon sa palibot mo. **15** ¿Bakit ang iyong mga malakas ay napaalis? sila'y hindi tumayo, sapagka't giniba ng PANGINOON. **16** Kaniyang pinatison ang marami, oo sila'y nabual na dagandagan: at kanilang sinabing: Ikaw ay bumanon, at pumaroon tayo uli sa ating sariling bayan, at sa lupain na kinapanganakan sa atin, mula sa mapagpighating tabak. **17** Sila'y humiyaw doong: Si Faraong hari sa Egipto ay isang hugong lamang; kaniyang pinaraan ang takdang panahon. **18** Buhay ako, sabi ng Hari, na ang pangalan ay PANGINOON ng mga hukbo, tunay na kung paano ang Tabor sa gitna ng mga bundok, at kung paano ang Karmel sa tabi ng dagat, gayon siya darating. **19** Oh ikaw na anak na babaye na tumatahan sa Egipto, gumayak ka sa pagpasok sa pagkabilag: sapagka't ang Nop ay magiging kagibaan, at magniningas na mawalan ng mananahan. **20** Ang Egipto ay napakagandang gurang baka; nguni't kagibaan na mula sa hilagaan ay dumarating, ay dumarating. **21** Ang kaniya nanang mga tawong upahan sa gitua niya ay parang mga guya sa pasabsaban; sapagka't sila man ay nagsibalik, sila'y tumakas na magkakasama, sila'y hindi tumayo: sapagka't ang kaarawan ng kanilang kapahamakan ay dumating sa kanila, ang panahon ng pagdalaw sa kanila. **22** Ang hugong noon ay yayaong parang ahas; sapagka't sila'y darating na kasama ng kawal, at paroroong laban sa kaniya na may mga palakol, na parang mga mamumutol ng kahoy. **23** Kanilang ibubual ang kaniyang gubat, sabi ng PANGINOON, baga man mahirap pasukin: sapagka't sila'y higit kay sa mga balang, at walang bilang. **24** Ang anak na babaye ng Egipto ay malalagay sa kahihayan; siya'y mabibigay sa kamay ng bayan ng hilagaan. **25** Sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Narito, aking parurusahan si Amon ng No, at si Faraon, at ang Egipto, sampuo ng kaniyang mga dios at ng kaniyang mga hari; si Faraon, at silang umaasa sa kaniya: **26** at aking ibibigay sila sa kamay ng mga umuusig ng kanilang mga bulay, at sa kamay ni Nebukadrezar na hari sa Babilonia, at sa kamay ng kaniyang mga alipin: at pagkatapos ay

tatahanan na gaya ng mga araw ng una, sabi ng PANGINOON. **27** Nguni't huag kang manginig, Oh Jakob na aking alipin, o manlupaypay ka man, Oh Israel: sapagka't narito, ililigtas kita mula sa malayo, at ang iyong binhi ay mula sa lupain ng kanilang pagkabilag; at ang Jakob ay magbabalik at magiging tahimik at tiwasay, at walang tatakot sa kaniya. **28** Huag kang matakot, Oh Jakob na aking alipin, sabi ng PANGINOON; sapagka't ako'y sumasayo: sapagka't ako'y gagawa ng lubos na kawakasan sa lahat ng nasyon na aking pinagtabayuan sa iyo, nguni't hindi ako gagawa ng lubos na kawakasan sa iyo; kungdi sasawayin kita ng kahatulan, at hindi kita iwan sa ano mang paraan na walang kaparusahan.

**47** Ang salita ng PANGINOON na dumating kay Jeremias na profeta tungkol sa mga Filisteo, bago sinugatan ni Faraon ang Gaza.

**2** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, mga tubig ay sumasampa mula sa hilagaan, at magiging bahang agos, at aapawan ang lupain at ang lahat na nandoon, ang ciudad at ang mga tumatahan doon: at ang mga tawo ay hihiyaw, at lahat ng mananahan sa lupain ay aangal. **3** Sa ingay ng tungtong ng mga kuko ng kaniyang mga malakas, sa hagibis ng kaniyang mga karro, sa hugong ng kaniyang mga gulong, hindi nililingon ng mga magulang ang kanilang mga anak dahil sa kahinaan ng mga kamay; **4** dahil sa araw na dumarating upang samsaman ang lahat ng mga Filisteo, upang iliwalay sa Tiro at Zidon, ang lahat na manumulong na nalalabi: sapagka't sasamsaman ng PANGINOON ang mga Filisteo, ang nalabi sa pulo ng Kafter. **5** Kakabuluan ay dumating sa Gaza; Askelon ay nagiba, ang labis sa kanilang libis: ¿hangang kailan magkukudlit ka? **6** Oh ikaw na tabak ng PANGINOON; ¿hangang kailan hindi ka tatahimik? masok ka sa iyong kaloban; ikaw ay magpahinga at tumahimik. **7** ¿Paanong ikaw ay matatahimik sa bagay ay binigyan ka ng PANGINOON ng bilin? laban sa Askelon, at laban sa baybayin ng dagat ay doon niya itinakda.

**48** Tungkol sa Moab. Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel; ¿Sa aba ng Nebo! sa-

pagka't nalagay na sira; Kiriataim ay nalagay sa kahihayan, nasakop: Misgab ay nalagay sa kahihayan at nabagsak. **2** Ang kapurihan ng Moab ay wala na; sa Hesbon ay kumakatha sila ng kasamnan laban sa kaniya: Kayo'y parito, at ihawalay natin siya sa pagkanasyon. Ikaw naman, Oh Madmen, madadala sa katahimikan; hababulin ka ng tabak. **3** Ang hugong ng hiyaw ay mula sa Horonaim, ¡pananansam at malaking kagibaan! **4** Ang Moab ay giba, ang kaniyang mga bata ay nagpaparinig ng hiyaw. **5** Sapagka't sa sampahan sa Luhit ay sasampa sila na may laging pag-iyak; sapagka't kanilang narinig sa babaan sa Horonaim ang kapanlawan ng hiyaw ng kagibaan. **6** Kayo'y tumakas, inyong iligtas ang inyong mga buhay, at kayo'y maging gaya ng retina sa ilang. **7** Sapagka't sa paraang ikaw ay umasa sa iyong mga gawa at sa iyong mga kayamanan, ikaw man ay makukuha: at ang Kemos ay papasok sa pagkabilag, ang kaniyang mga sacerdote at ang kaniyang mga pangulo na magkakasama. **8** At ang mananansam ay darating sa bawata ciudad, at walang ciudad na makataanan; ang libis naman ay mawawala, at ang kapatagan ay magiging giba; gaya ng sinalita ng PANGINOON. **9** Magbigay kayo ng mga pakpak sa Moab, upang siya'y makalipad at makalabas: at ang kaniyang mga ciudad ay magiging kagibaan, na walang sino mang tataan doon. **10** Sumpain siya na gumagawa ng gawa sa PANGINOON na walang bahala, at sumpain siya na nag-uurong ng kaniyang tabak sa dugo. **11** Ang Moab ay natahimik mula sa kaniyang kabataan, at siya'y nagpahinga sa kaniyang mga latak, at hindi napagsalinsalin sa sisidlan at sisidlan, o nasok man siya sa pagkabilag: kaya't ang kaniyang lasa ay nalalabi sa kaniya, at ang kaniyang bango ay hindi nagbago. **12** Kaya't narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng PANGINOON, na aking susuguin sa kanila ang mga mangbubuhos, at mga magbubuhos sa kaniya; at kanilang tutuyuin ang kaniyang mga sisidlan, at babasaging pirapiraso ang kanilang mga kamaw. **13** At ang Moab ay mapapahiya dahil sa Kemos, gaya ng bahay ng Israel na napahiya sa Bet-el na kanilang pag-asa. **14** ¡Bakit inyong sinasabing: Kami ay mga makapangyarihang lalaki, at mga

matapang na lalaki na pangbaka? **15** Ang Moab ay nalalagay na sira, at ang kaniyang mga ciudad ay mga sinumpa, at ang kaniyang mga pili na binata ay bumaba sa patayan, sabi ng Hari, na ang pangalan ay PANGINOON ng mga hukbo. **16** Ang kapahamakan ng Moab ay malapit ng darating, at ang kaniyang pagkapighati ay nagmamadali. **17** Kayong lahat na nasa palibot niya, managhoy kayo sa kaniya, at kayong lahat na nakakakilala ng kaniyang pangalan; inyong sabihing: ¡Bakit ang matibay na tungkod ay nabali, ang magandang bakulo! **18** Oh ikaw na anak na babaye na tumatahan sa Dibon, bumaba ka na mula sa iyong kalualhatian, at umupo kang uhaw; sapagka't ang mananansam ng Moab ay sumampa laban sa iyo, kaniyang giniba ang iyong mga katibayan. **19** Oh mananahan sa Aroer, tumayo ka sa tabi ng daan, at manubok ka: tumanong ka sa kaniya na tumatakas at sa kaniya na tumataanan; iyong sabihing: ¿Ano ang nangyari? **20** Ang Moab ay nalagay sa kahihayan; sapagka't nagiba: kayo ay unangal at humiyaw; saysayin ninyo sa Arnon, na ang Moab ay nalagay na sira. **21** At ang kabatulan ay dumating sa lupaing kapatagan; sa Holon, at sa Jaza, at sa Mefaat; **22** at sa Dibon, at sa Nebo, at sa Bet-diblataim; **23** at sa Kiriataim at sa Bet-gamul, at sa Bet-meon; **24** at sa Keriot, at sa Bozra, at sa lahat ng ciudad ng lupain ng Moab, malayo o malapit. **25** Ang sungay ng Moab ay nahawalay, at ang kaniyang kamay ay nabali, sabi ng PANGINOON. **26** Languin ninyo siya; sapagka't siya'y nagmalaki laban sa PANGINOON: at ang Moab ay gugumon sa kaniyang suka, at siya man ay magiging kakutyaan. **27** ¿Sapagka't hindi ba naging kakutyaan ang Israel sa iyo? ¿hindi ba siya nasumpungan sa gitna ng mga magnanakaw? sapagka't kung paanong kadalas sinasalita mo siya, gayon nag-uuga ka ng ulo. **28** Oh kayong mga mananahan sa Moab, inyong iwan ang mga ciudad, at kayo'y tumahan sa batohan; at maging gaya ng kalapati na nagpupugad sa mga tabi ng bunga ng butas. **29** Aming narinig ang kapalaluan ng Moab, na siya'y totoong palalo; ang kaniyang pagmamataas, at ang kaniyang pagpapalalo, at ang kaniyang kahambungan, at ang pagmamatigas ng kaniyang puso. **30** Talastas ko ang kaniyang pag-iinit na walang ano man, sabi ng

PANGINOON, ang kaniyang pagmamata-yog ay walang nangyari. **31** Kaya't aking aangalan ang Moab; oo, ako'y hihiyaw dahil sa boong Moab: dahil sa mga lalaki sa Kir-heres ay tatangis sila. **32** Tatangis ako ng higit kay sa pagtanggis ng Jazer dahil sa iyo, Oh puno ng uvas ng Sibma: ang iyong mga sang'a ay dumadaan ng dagat, mga umaabot hangang sa dagat ng Jazer: sa iyong mga bungang pangtag-init at sa iyong ani ay dumaluhong ang mananamsam. **33** At ang kasayahan at kagalakan ay naalis, sa mabungang bukid at sa lupain ng Moab; at aking pinatigil ang alak sa mga alilisan: walang yayapak na may sutsot; ang pagsutsot ay hindi magiging pagsutsot. **34** Mula sa hiniyawon ng Hesbon hangang sa Eleale, hangang sa Jahaz ay naglakas sila ng kanilang voces, mula sa Zoar hangang sa Horonaim, sa Eglat-sheleshayah: sapagka't ang mga tubig ng Nimrim man ay magiging giba. **35** Bukod dito ay aking pagapalilikatin sa Moab, sabi ng PANGINOON ang naghahandog sa mataas na lugar, at ang nagsusunog ng kamanyan sa kaniyang mga dios. **36** Kaya't ang aking puso ay tumutunog na parang flauta dahil sa Moab, at ang aking puso ay tumatunog na parang flauta dahil sa mga lalaki sa Kir-heres: kaya't ang kaaganaan na kaniyang tinankilik ay napawi. **37** Sapagka't baw't ulo ay kalbo, at baw't balbas ay nabaltak: sa lahat ng kamay ay may mga kudlit, at sa lahat ng baiwang ay kayong magaspang. **38** Sa lahat ng pulupo ng Moab at sa mga langanang noon ay may panaghoy saansaan man: sapagka't aking binasag ang Moab na parang sisidlan na di kinalulugdan, sabi ng PANGINOON. **39** ¡Bakit nabagsak! ¡bakit umaangal! ¡bakit ang Moab ay tumalikod na may kahihayan! gayon magiging katutayan at kapanlupaypayan ang Moab sa lahat na nasa palibot niya. **40** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, siya'y lilipad na parang aguilá, at magbubuka ng kaniyang mga pakpak laban sa Moab. **41** Ang Keriot ay nasakop, at ang mga katibayan ay namangha, at ang puso ng mga makapangyarihang tawo sa Moab sa araw na yaon ay magiging gaya ng puso ng babaye sa kaniyang pagdararindam. **42** At ang Moab ay magigiba sa pagkabayan, sapagka't siya'y nagmalaki laban sa PANGINOON. **43** Katakutan, at lukay, at

silo, ay nasa iyo, Oh manahanan sa Moab, sabi ng PANGINOON. **44** Siyang tumatakas sa pagkatakot ay mabubual sa hukay; at siyang umaabon sa hukay ay mahuhuli ng silo: sapagka't dadalhin ko sa kaniya, sa Moab, ang taon ng pagdalaw sa kaniya, sabi ng PANGINOON. **45** Silang tumatakas ay tumatayong walang lakas sa ilalim ng lilim ng Hesbon: sapagka't ang apoy ay lumabas sa Hesbon, at ang alab mula sa gitra ng Sihon, at pinugnaw ang tagiliran ng Moab at ang bao ng ulo ng mga mangu-gulo. **46** ¡Sa aba mo, Oh Moab! ang bayan ng Kemos ay nawala: sapagka't ang iyong mga anak na lalaki ay nadalang bihas, at ang iyong mga anak na babaye ay nasok sa pagkabihag. **47** Gayon ma'y ibabalik ko uli ang Moab na mula sa pagkabihag sa mga huling araw, sabi ng PANGINOON. Ganito kalayo ang kahalutlan ng Moab.

**49** Tungkol sa mga anak ng Ammon. Ganito ang sabi ng PANGINOON: ¿Wala bang mga anak ang Israel? ¿wala ba siyang tagapagmana? ¿bakit nga minamana ni Malkam ang Gad, at tumatahan ang kaniyang bayan sa mga ciudad noon? **2** Kaya't, narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng PANGINOON, na aking iparirinig ang kanyang ng pagbabaka laban sa Rabba ng mga anak ng Ammon; at magiging isang gibang buntong, at ang kaniyang mga anak na babaye ay masusunog ng apoy: kung magkagayo'y mga mamanahin ng Israel ang mumana sa kaniya, sabi ng PANGINOON. **3** Ikaw ay umangal, Oh Hesbon, sapagka't ang Ai ay nasamsaan; kayo'y humiyaw, kayong mga anak na babaye ng Rabba, kayo'y magbigkis ng kayong magaspang: kayo'y tumaghoy, at tumakbong paroo't parito sa gitna ng mga bakuran; sapagka't ang Malkam ay papasok sa pagkabihag, ang kaniyang mga sacerdote at ang kaniyang mga pangulo na magkakasama. **4** ¿Bakit ikaw ay nagpapakaluhat sa mga libis, ikaw na humuhuhong libis, Oh tumatalikod na anak na babaye? na umasa sa kaniyang mga kayamanan, na nagsabing: ¿Sinong paririto sa akin? **5** Narito, ako'y magdadala ng takot sa iyo, sabi ng Panginoon, ng PANGINOON ng mga hukbo, mula sa lahat na nasa boong palibot mo; at kayo'y matataboy baw't isa na matuid, at walang dadampot sa kaniya na gumagala. **6** Nguni't pag-

katapos ay aking dadalhin uli ang pagkabihaḡ ng mga anak ng Ammon, sabi ng PANGINOON.

7 Tungkol sa Edom. Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: ¿Wala na ba ang karunungan sa Teman? ¿lumipas ba ang payo sa mabait? ¿nawala ba ang kanilang karunungan? 8 Tumakas kayo, magsibalik kayo, kayo'y tumahan sa kalaliman, Oh mga mananahan sa Dedan; sapagka't aking dadalhin ang kapahamakan ni Esau sa kaniya, sa panahon na aking dadalawin siya. 9 Kung ang mga mang-aani ay dumating sa iyo, ¿hindi ba sila mag-iwan ng mahihimalay na mga uvas? kung mga magnanakaw sa gabi, hindi ba sila gigiba ng hangang magkaroon ng kasia? 10 Nguni't aking hinubdan si Esau, aking inilitaw ang kaniyang mga kublihan, at siya'y hindi makapagkukubli: ang kaniyang binhi ay nasamsam, at ang kaniyang mga kapatid, at ang kaniyang mga kalapit, at siya'y wala na rin. 11 Iyong iwan ang iyong mga ulilang anak, aking mga iingatang buhay; at ang iyong mga babayeng bawo ay umasa sa akin. 12 Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, silang hindi nauukol uminom sa kopa ay walang pagsalang iinom; ¿at ikaw ba'y yayaong lubos na walang parusa? ikaw ay hindi yayaon na walang parusa, kungdi walang pagsalang iinom ka. 13 Sapagka't ako'y sumumpa ng aking sarili, sabi ng PANGINOON, na ang Bozra ay magiging katigilan, kakutyaa, kasiraan, at kasumpa; at lahat ng ciudad noon ay magiging walang hangang mga giba. 14 Ako'y nakarinig ng mga balita na mula sa PANGINOON, at isang sugo ay sinugo sa gitna ng mga nasyon, na nagsabing: Kayo'y magpipisan, at pumarongon laban sa kaniya, at bumangon sa pakikipagbaka. 15 Sapagka't, narito, ginawa kitang maliit sa gitna ng mga nasyon, at niwalan kitang kabuluhan sa gitna ng mga tawo. 16 Tungkol sa iyong mga kakilabutan, dinaya ka ng kapalaluan ng iyong puso, oh ikaw na tumatahan sa mga puang ng bato, na tumatankilik ng kaitaasan ng burol: baga man iyong pataasin ang iyong pugad na kasintaas ng aguila, aking ibababa kita mula roon, sabi ng PANGINOON. 17 At ang Edom ay magiging katigilan: baw't nagdaraan ay matitigilan, at susutsot dahil sa lahat ng salot doon. 18 Kung paano ang nangyari sa Sodoma, at sa

Gomorra, at sa mga kalapit ciudad noon, sabi ng PANGINOON, gayon walang lalaki na tataan doon, o sino mang anak ng tawo ay mangingibang bayan doon. 19 Narito, siya'y sasampa na parang leon mula sa kapalaluan ng Jordan laban sa matibay na tahanan: nguni't biglang aking patatakubuhin siya mula sa kaniya; at ang mapili, siya kong ihahahalal sa kaniya: sapagka't ¿sino ang gaya ko? ¿at sinong magtatakda sa akin ng panahon? at ¿sino ang pastor na makatatayo sa harap ko? 20 Kaya't inyong dingin ang payo ng PANGINOON, na kaniyang ipinasiya laban sa Edom; at ang kaniyang mga pasiya na kaniyang ipinasiya laban sa mga mananahan sa Teman: Tunay na mga babatakin sila, ang mga maliit ng kawan; tunay na kaniyang gagawing giba ang kanilang tahanan na kasama nila. 21 Ang lupa ay nanginginig sa hugong ng kanilang pagkabual; may hiyawan, na ang ingay ay naririnig sa Dagat na Mapula. 22 Narito, siya'y sasampa at lilipad na parang aguila, at magbubuka ng kaniyang mga pakpak laban sa Bozra: at ang puso ng mga makapangyarihang tawo sa Edom sa araw na yaon ay magiging gaya ng puso ng babaye sa kaniyang pagdaramdam.

23 Tungkol sa Damasko. Ang Hamat ay napahiya, at ang Arpad; sapagka't sila'y nakarinig ng mga masamang balita, sila'y natutunaw: may kapanlawan sa dagat; hindi matatahimik. 24 Ang Damasko ay humihina, siya'y tumatalikd upang tumakas, at pangingingin ay kumakapit sa kaniya: kalungkutan at mga kapanlawan ay kumapit sa kaniya na gaya sa babaye sa pagdaramdam. 25 ¿Bakit hindi pinabayaan ang ciudad na kapurihan, ang ciudad ng aking kagagalan? 26 Kaya't ang kaniyang mga binata ay mabubual sa kaniyang mga langganan, at lahat ng mga lalaki na pangbaka ay madadala sa katahimikan sa araw na yaon, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. 27 At ako'y magpapaningas ng apoy sa kuta ng Damasko, at pupugnawin noon ang mga palacio ni Ben-hadad. 28 Tungkol sa Kedar, at sa mga kaharian ng Hazor, na sinugatan ni Nebukadrezar na hari sa Babilonia:

Ganito ang sabi ng PANGINOON: Bumangon kayo, sumampa kayo sa Kedar, at inyong samsaman ang mga anak ng silangan. 29 Ang kanilang mga dampa at ang kanilang mga kawan ay

kanilang kukunin; kanilang kukunin pana sa kanilang sarili ang kanilang mga tabing, at labat nilang sisidlan, at ang kanilang mga kamello: at sila'y hihiyaw sa kanilang: Kakilabutan sa lahat ng dako. **30** Tumakas kayo, gumala kayong malayo, tumahan kayo sa kalaliman, Oh kayong mga mananahan sa Hazor, sabi ng PANGINOON; sapagka't kumuhang payo si Nebukadrezar na hari sa Babilonia laban sa inyo, at nag-isip ng pa-siya laban sa inyo. **31** Kayo'y bumangon, inyong sampahin ang nasyon na tahimik, na tumatahang walang bahala, sabi ng PANGINOON; na wala kahi't mga pintuang-daan o mga halang man, na tumatahang mag-isa. **32** At ang kanilang mga kamello ay magiging samsam, at ang karamihan ng kanilang kawan ay samsam: at aking pangangalatin sa lahat ng hangin ang mga may gupit sa tagiliran ng kanilang buhok; at aking dadalhin ang kanilang kapahamakan na mula sa lahat nilang dako, sabi ng PANGINOON. **33** At ang Hazor ay magiging tahanang lugar ng mga chakal, gagibaan magpakailan man: walang lalaking tatahan doon, o sino mang anak ng tawo ay mangingibang bayan doon.

**34** Ang salita ng PANGINOON na dumating kay Jeremias na profeta tungkol sa Elam sa pagpapasimula ng paghahari ni Zedekias na hari sa Juda, na nagsabing: **35** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Narito, aking babaliin ang bosog ng Elam, ang pinakapangulo ng kaniyang kapangyarihan. **36** At sa Elam ay dadalhin ko ang apat na hangin na mula sa apat na sulok ng langit, at aking pangangalatin sila sa lahat ng mga hangng yon; at walang nasyon na hindi kararatingan ng mga tapon na mula sa Elam. **37** At aking papanlulupaypayin ang Elam sa harap ng kanilang mga kaway, at sa harap ng mga umuusig ng kanilang buhay: at ako'y magdadala ng kasam-an sa kanila, ang aking mabangis na galit, sabi ng PANGINOON; at aking susuguin ang tabak sa likuran nila, hanggang sa aking malipol sila: **38** at aking ilalagay ang aking luklukan sa Elam, at aking lilipulin mula roon ang hari at mga pangulo, sabi ng PANGINOON. **39** At mangyayari sa mga hulng araw, na aking ibabalik ang pagkabilag ng Elam, sabi ng PANGINOON.

**50** Ang salita na sinalita ng PANGINOON tungkol sa Babilonia, tungkol sa lupain ng mga Kaldeo, sa pamamagitan ni Jeremias na profeta.

**2** Inyong ihayagsa gitna ng mga nasyon, at inyong itanyag, at magtaas kayo ng bandila; inyong itanyag at huag ninyong ikubli: inyong sabihing: Babilonia ay nasakop, Bel ay nalagay sa kahiliyan, Merodak ay nanlupaypay; ang kaniyang mga larawan ay nalagay sa kahiliyan, ang kaniyang mga idolo ay nanlupaypay. **3** Sapagka't mula sa hilagaan ay sumasampa ang isang nasyon laban sa kaniya, na gigiba ng kaniyang lupain, at walang tataan doon: sila'y tumakas, sila'y yumaon, ang tawo at gayon din ang hayop. **4** Sa mga araw na yaon, at sa panahong yaon, sabi ng PANGINOON, ang mga anak ng Israel ay darating, sila, at ang mga anak ng Juda na magkakasama; sila'y yayaon ng kanilang lakad na umiiyak, at hahanapin nila ang PANGINOONG kanilang Dios. **5** Kanilang itatanyag ang daan ng Zion, na ang kanilang mga mukha ay nakuharap sa dakong yaon, na magsasabing: Kayo'y parito, at lumakip kayo sa PANGINOON sa walang hangang tipan na hindi malilimutan.

**6** Ang aking bayan ay naging gaya ng nawalang mga pastor; iniligaw sila ng kanilang mga pastor, sila'y inilihis sa mga bundok: sila'y naparoon sa burol mula sa bundok, kanilang nalimutan ang kanilang pahingahang lugar. **7** Sinasakmal sila ng lahat na nakakasampung sa kanila: at sinasabi ng kanilang mga kaaway: Hindi kami nangagalit, sapagka't sila'y nagkasala laban sa PANGINOON, na tabanan ng kahalolan, sa PANGINOON, sa pag-asa ng kanilang mga magulang. **8** Kayo'y tumakas mula sa gitna ng Babilonia, at kayo'y lumabas mula sa lupain ng mga Kaldeo, at kayo'y maging parang mga kambing na lalaki sa harap ng mga kawan. **9** Sapagka't, narito, aking patatayuin at pasasampahin laban sa Babilonia ang isang kapisanan ng mga malaking nasyon na mula sa hilagaang lupain: at sila'y magsisihanay laban sa kaniya; mula riyay makukuha siya: ang kanilang mga pana ay magiging parang sa isang magilas na makapangyarihan; walang magbabalik na walang kabuluhan. **10** At ang Kaldea ay magiging samsam: lahat na sumasamsam sa kaniya ay mabubusog, sabi ng PANGINOON. **11** Sa paraang kayo ay masaya, sa paraang kayo'y



naagalak, Oh kayong sumasamsam ng aking mana, sa paraang kayo'y sumusuag na parang babayeng guyang baka, na yumayapak ng *butil*, at humuhuni na parang mga majakas na kabayo; 12 ang inyong ina ay mapapahiyang mainam; siyang nanganak sa inyo ay malilito; narito, siya'y magiging pinakahuli sa mga nasyon, isang ilang, isang tuyong lupain, isang ilang. 13 Dahil sa pag-iinit ng PANGINOON ay hindi tatahanan, kungdi magiging lubos na giba: bawa't magdaan sa Babilonia ay matitigilan, at susutot dahil sa kaniyang lahat na pagkasalot. 14 Kayo'y magsihanay laban sa Babilonia sa palibot, kayong lahat na umaakma ng bosog; lilagposan ninyo siya, huag kayong magkulang ng mga pana: sapagka't siya'y nagkasala laban sa PANGINOON. 15 Sumutsot ka laban sa kaniya sa palibot; siya'y sumuko sa kaniyang sarili; ang kaniyang mga panguna ay nabual, ang kaniyang mga kuta ay nabagsak: sapagka't siyang kagantihan ng PANGINOON; gumanti kayo sa kaniya; kung ano ang kaniyang ginawa, gawin ninyo sa kaniya. 16 Ihiwalay ninyo ang manghahasik sa Babilonia, at siyang pumipigil ng karit sa panahon ng pag-aani: dahil sa takot sa mang-aaping tabak ay babalik bawa't isa sa kaniyang bayan, at tatakas bawa't isa sa kaniyang sariling lupain.

17 Ang Israel ay nakalat na tupa; iniligaw siya ng mga leon: ang unang sumakmal sa kaniya ay ang hari sa Asiria; at si Nebukadrezar na hari sa Babilonia ay siyang huling bumali ng kaniyang mga buto. 18 Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Narito, aking parurusahan ang hari sa Babilonia, at ang kaniyang lupain, gaya ng aking pagkaparusa sa hari sa Asiria. 19 At aking dadalhin uli ang Israel sa kaniyang sabsaban, at siya'y sasabsab sa Karmel at sa Basan, at ang kaniyang kalulua ay mabusog sa mga burol ng Efraim at sa Gilead. 20 Sa mga araw na yaon at sa pahahong yaon, sabi ng PANGINOON, ang kasaman ng Israel ay mauusig, at hindi magkakaroon ng ano man; at ang mga kasalanan ng Juda, at hindi sila masumpungan: sapagka't aking patatawarin sila na aking iniwan na pinakalabi.

21 Ikaw ay sumampa laban sa lupain ng Merathaim, laban doon, at laban sa mga mananahan sa Pekod: ikaw ay pumatay at lumipol na lubos na sumunod sa

kanila, sabi ng PANGINOON, at iyong gawin ang ayon sa lahat na iniutos ko sa iyo. 22 Ang lugong ng pagbabaka ay nasa lupain, at ang malaking kagibaan. 23 Bakit naputol at nabali ang pamukpok ng boong lupa? bakit ang Babilonia ay naging kagibaan sa gitna ng mga nasyon? 24 Pinaglagyan kita ng silo, at ikaw naman ay nahuli, Oh Babilonia, at hindi mo ginugunita: ikaw ay nasumpungan at nahuli rin, sapagka't ikaw ay nakipagtalala laban sa PANGINOON. 25 Binuksan ng PANGINOON ang kaniyang lagayan ng sakbat, at inilabas ang mga sakbat ng kaniyang pagkagalit: sapagka't ang Panginoon, ang PANGINOON ng mga hukbo, ay may gawaing *gagawin* sa lupain ng mga Kaldeo. 26 Kayo'y parooing laban sa kaniya, mula sa kahulihuhang hanganan, inyong buksan ang kaniyang mga kamalig: inyong ihagis na parang mga buntan, at inyong gibaing lubos siya: huag maiwanan siya ng ano man. 27 Inyong patayin ang lahat niyang mga toro: mga patabain sa patayan: isa-aba nila! sapagka't ang kanilang araw ay dumating, ang araw ng pagdalaw sa kanila. 28 Inyong *dingin* ang voces nila na tumatakas at tumataanan mula sa lupain ng Babilonia, upang maghayag sa Zion ng kagantihan ng PANGINOONG ating Dios, ng kagantihan ng kaniyang templo. 29 Inyong tawaging magkakasama ang mga mamamana laban sa Babilonia, silang lahat na nagaakma ng bosog; kayo'y tumayo laban sa kaniya sa palibot; huag may makataan: inyong gantihin siya ayon sa kaniyang gawa; ayon sa lahat niyang ginawa, gawin ninyo sa kaniya: sapagka't siya'y naging palalo laban sa PANGINOON, laban sa Santo ng Israel. 30 Kaya't mabubual ang kaniyang mga binata sa kaniyang mga langganan, at ang lahat niyang lalaking pangbaka ay madadala sa katahimikan, sa araw na yaon, sabi ng PANGINOON. 31 Narito, ako'y laban sa iyo, Oh sa iyo na palalo, sabi ng Panginoon, ng PANGINOON ng mga hukbo: sapagka't ang iyong araw ay dumating, ang panahon na dadalawin kita. 32 At ang palalo ay matitised at mabubual, at walang magbabangon sa kaniya: at ako'y magpapaningas ng apoy sa kaniyang mga ciudad, at pupugnawin noon ang lahat na nasa palibot niya.

33 Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Ang mga anak ng Israel at ang mga anak ng Juda ay napipighating

magkasama: at lahat na kumuhang bihag sa kanila ay nagtataling mahigpit sa kanila; mga tumatanging pawalan sila. **34** Ang kanilang manunubos ay malakas; ang PANGINOON ng mga hukbo ay siyang kaniyang pangalan: kaniyang ipaglalabang magi ang kanilang usap, upang magbigyan niya ng kapahingaban ang lupa, at bagabagin ang mga mananahan sa Babilonia. **35** Ang tabak ay nasa mga Kaldeo sabi ng PANGINOON, at sa mga mananahan sa Babilonia, at sa kaniyang mga pangulo, at sa kaniyang mga pantas. **36** Ang tabak ay sa mga hambog, at sila'y mahahangal: ang tabak ay sa kaniyang mga makapangyarihan, at sila'y manlulupaypay. **37** Ang tabak ay sa kanilang mga kabayo, at sa kanilang mga karro, at sa boong bayang halohalo na nasa gitna niya. ut sila'y magiging parang mga babaye: ang tabak ay sa kaniyang mga kayamanan, at mga mananakaw. **38** Ang katuyuan ay sa kaniyang mga tubig, at mga matutuyo: sapagka't lupain ng mga larawang hinichurahan, at sila'y mga ulol sa mga idolo. **39** Kaya't ang mga mabangis na hayop sa ilang sampuo ng mga lobo ay tataan doon, at ang avestruz ay tataan doon, at hindi na matatahanan kailan pa man; o matatahanan man sa lahi't lahi. **40** Kung paanong giniba ng Dios ang Sodoma at Gomorra at ang mga kalapit ciudad ng mga yaon, sabi ng PANGINOON; gayon hindi tataan ang lalaki roon, o tataan man ang sino mang anak ng tawo roon. **41** Narito, isang bayan ay dumarating na mula sa hilagaan; at isang malaking nasyon, at maraming hari ay mahihikayat mula sa kaduluduluhang bahagi ng lupa. **42** Kanilang inaakma ang bosog at ang sibat; sila'y mabagsik at walang awa; ang kanilang voces ay humulugong na parang dagat, at sila'y sumasakay sa mga kabayo; bawa't isa ay humahanay na parang lalaki sa pakikipagbaka, laban sa iyo. Oh anak na babaye ng Babilonia. **43** Narinig ng hari sa Babilonia ang kabantugan nila, at ang kaniyang mga kamay ay nanghibina: kakutyan ay humawak sa kaniya, at hirap na gaya ng sa isang babaye sa pagdaramdam. **44** Narito, siya'y sasampa na parang leon mula sa kapalaluan ng Jordan laban sa matibay na tahanan: nguni't aking biglang palalaysin sila sa kaniya; at ang mapili, siya kong ihahalal sa kaniya: sapagka't sino ang gaya ko? at sino ang magtatakda sa akin ng panahon? at

sino ang pastor na tatayo sa harap ko? **45** Kaya't inyong dingin ang payo ng PANGINOON, na kaniyang ginamit laban sa Babilonia; at ang kaniyang mga pasiya na kaniyang ipinasiya, laban sa lupain ng mga Kaldeo: Tunay na sila'y mga babatak, ang mga maliit sa kawan; tunay na kaniyang gagawing giba ang kanilang tabanan na kasama nila. **46** Sa ingay ng pagsakop sa Babilonia, ay nanginginig ang lupa, at ang hiyaw ay naririnig sa mga nasyon.

**51** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, ako'y babangon laban sa Babilonia, at laban sa mga tumatahan sa Leb-kamai, na mangigibang hangin. **2** At ako'y magsusugo sa Babilonia ng mga taga ibang lupa na magpapahangin sa kaniya; at kanilang tutuyuin ang kaniyang lupain: sapagka't sa kaarawan ng kabagabagan ay magiging laban sila sa kaniya sa palibot. **3** Huag iakma ng mangbobosog ang kaniyang bosog, at huag siyang magnataas sa kaniyang sapyaw: at huag ninyong patawarin ang kaniyang mga binata: inyong lipuling lubos ang buo niyang hukbo. **4** At sila'y mabubual na patay sa lupain ng mga Kaldeo, at napalagpasan sa kaniyang mga langganan. **5** Sapagka't ang Israel ay hindi pinababayaang, o ang Juda man, ng kaniyang Dios, ng PANGINOON ng mga hukbo; бага man ang kanilang lupain ay puno ng sala laban sa Santo ng Israel. **6** Tumas ka na mula sa gitna ng Babilonia, at iligtas ng bawa't tawo ang kaniyang buhay; huag kayong maliwalay ng dahil sa kaniyang kasaman: sapagka't panahon ng pagganti ng PANGINOON; siya'y magbabayad sa kaniya ng kagantihan. **7** Ang Babilonia ay naging gintong tasa sa kamay ng PANGINOON, na lumungo sa boong lupa: ang mga nasyon ay uminom ng kaniyang alak; kaya't ang mga nasyon ay nanga-ulol. **8** Babilonia ay biglang nabual at nagiba: inyong angalan siya; ikuha ninyo ng kagamutan ang kaniyang sakit, baka sakaling siya'y magamot. **9** Ating ginamot ang Babilonia, nguni't siya'y hindi nagamot: pabayaang siya, at tayo'y yumaon bawa't isa sa kaniyang sariling lupain: sapagka't ang kaniyang kahalutalan ay umaabot hangang sa langit, at nataas hangang sa mga alapaap. **10** Inilabas ng PANGINOON ang ating kabanalan: kayo'y parito, at ating saysayin sa Zion ang gawa ng PANGINOON ating

Dios. **11** Inyong patalasin ang mga pana; inyong hawakang matatag ang mga kalasag; ginising ng PANGINOON ang espiritu ng mga hari ng mga Medo; sapagka't ang kaniyang lalang ay laban sa Babilonia, upang gibain: sapagka't siyang kagantihan ng PANGINOON, kagantihan ng kaniyang temple. **12** Magtaas kayo ng bandila laban sa mga kuta ng Babilonia, inyong patibayin ang bantayan, inyong lagyan ng mga bantay, kayo'y maghanda ng mga paghanap: sapagka't ang PANGINOON ay kumatha at gumawa naman ng kaniyang sinalita tungkol sa mga mananahan sa Babilonia. **13** Oh ikaw na tumataban sa maraming tubig, sagana sa mga kayamanan, ang iyong wakas ay dumating, ang sukat ng iyong kasakiman. **14** Ang PANGINOON ng mga hukbo ay sumumpa ng kaniyang sarili, na nagsabing: Tunay na pupunuin kita ng mga tawo, na gaya ng balang yelek; at sila'y maglalakas ng sutsot laban sa iyo.

**15** Kaniyang nilikha ang lupa sa pamamag-itan ng kaniyang kapangyarihan, kaniyang itinatag ang sanlibutan sa pamamag-itan ng kaniyang karunungan, at sa pamamag-itan ng kaniyang kaalaman ay iniunat niya ang mga langit: **16** pagtataas niya ng kaniyang voces, nagkaroon ng kagulo ng mga tubig sa mga langit, at kaniyang pinailalang ang mga singaw sa tubig mula sa mga wakas ng lupa; kaniyang iginawa ng mga kidlat ang ulan, at inilabas ang hangin mula sa kaniyang mga kayamanan. **17** Lahat ng tawo ay naging hangal at walang kaalaman; lahat ng platero ay nalagay sa kahiliyan sa pamamag-itan ng kaniyang larawang hinichurahan: sapagka't ang kaniyang larawang binubo ay kasinungalingan, at walang hinga sa mga yaon. **18** Mga kawalang kabuluan, gaya na kakutyaan: sa panahon ng pagdalaw sa kanila ay malilipol sila. **19** Ang bahagi ng Jakob ay hindi gaya ng mga ito; sapagka't siya ang humichura sa lahat ng mga bagay; at ang Israel ay angkan ng kaniyang mana: ang PANGINOON ng mga hukbo ay kaniyang pangalan.

**20** Ikaw ay aking pangbakang palakol at mga sabbat na pangbaka: at sa pamamag-itan mo ay pagpipirapirasuhin ko ang mga nasyon; at sa pamamag-itan mo ay gigiba ako ng mga kaharian; **21** at sa pamamag-itan mo ay pagpipirapirasuhin ko ang kabayo at ang kaniyang sakay; at sa pamamag-itan mo ay pag-

pipirapirasuhin ko ang karro at ang nakasakay doon; **22** at sa pamamag-itan mo ay pagpipirapirasuhin ko ang lalaki at ang babaye; at sa pamamag-itan mo ay pagpipirapirasuhin ko ang matanda at ang bata; at sa pamamag-itan mo ay pagpipirapirasuhin ko ang binata at ang dalaga; **23** at sa pamamag-itan mo ay pagpipirapirasuhin ko ang pastor at ang kaniyang kawan; at sa pamamag-itan mo ay pagpipirapirasuhin ko ang manbabukid at ang kaniyang singkaw na mga baka; at sa pamamag-itan mo ay pagpipirapirasuhin ko ang mga gobernador at ang mga puno. **24** At aking ibabayad sa Babilonia at sa lahat na mananahan sa Kaldea ang lahat nilang kasam-an na kanilang ginawa sa Zion sa inyong paningin, sabi ng PANGINOON.

**25** Narito, ako'y laban sa iyo, Oh mangigibang bundok, sabi ng PANGINOON, na gumigiba ng boong lupa: at aking iunat ang aking kamay sa iyo, at paggugulungin kita sa mga batohan, at gagawin kitang bundok na sunog. **26** At hindi kanila kukunan ng bato na panulok, o ng bato man na mga pinakacimiko; kungdi ikaw ay magiging giba magpakailan man, sabi ng PANGINOON. **27** Kayo'y magtaas ng bandila sa lupain, inyong hipan ang pakakak sa gitna ng mga nasyon, maghanda ang mga nasyon laban sa kaniya, tipuning magkakasama laban sa kaniya ang mga kaharian ng Ararat, ng Mini, at ng Askenaz: maghalal ng puno laban sa kaniya; pasampahin ang mga kabayo na parang mga balang yelek. **28** Humanda laban sa kaniya ang mga nasyon, ang mga hari ng mga Medo, ang mga gobernador noon, at ang lahat na puno noon, at ang boong lupain na kaniyang sakop. **29** At ang lupain ay naging nginig at nasa paghihirap: sapagka't ang mga pasiya ng PANGINOON laban sa Babilonia ay tumatayo, upang gawing kagibaan ang lupain ng Babilonia, na mawalan ng mananahan. **30** Ang mga makapangyarihan sa Babilonia ay umuunong sa pakikipagbaka, sila'y naiwan sa kanilang mga katibayan; ang kanilang kapangyarihan ay nanlulupaypay; sila'y naging parang mga babaye: ang kaniyang mga tahanan lugar ay sinilaban; ang kaniyang mga halang ay nabali. **31** Ang isang taga dala ng sulat ay tatakbo upang sumalubong sa iba, at isang sugo upang sumalubong sa iba, upang ibalita sa hari sa Babilonia, na ang kaniyang ciudad ay

nasakop sa lahat ng sulok: 32 at ang mga tawiran ay nagulat, at ang mga tambo ay nasunog ng apoy, at ang mga lalaking pangbaka ay natakot.

33 Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Ang anak na babaye ng Babilonia ay gaya ng giikan ng panahong yaon ng niyayapakan; sandali na lamang at ang panahon ng pag-aani ay darating sa kaniya. 34 Nilamon ako ni Nebukadrezar na hari sa Babilonia, kaniyang ginipit ako, kaniyang ginawa akong walang lamang sisidlan, siya'y sumakmal sa aking parang boaya, kaniyang binusog ang kaniyang tiyan ng aking mga masarap na pagkain; kaniyang itinakuil ako. 35 Ang karahasang ginawa sa akin at sa aking laman ay mapasa Babilonia, sasabihin ng mananahan sa Zion; at; Ang dugo ko ay mapasa mga mananahan sa Kaldea, sasabihin ng Jerusalem. 36 Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, aking ipakikipaglaban ang inyong usap, at igaganti kita; at aking tutuyuin ang kaniyang dagat, at gagawin ko siyang bukal na tuyo. 37 At ang Babilonia ay magiging mga buntan, tahananang lugar para sa mga chakal, katigilan, at kasutsutan, na mawawalan ng mananahan. 38 Sila'y aangal na magkakalama na parang mga batang leon; sila'y aangal na parang mga anak ng leon. 39 Pagka sila'y nainitan, aking gagawin ang kanilang kapistahan, at aking gagawin silang lango, upang sila'y magalak, at matulog ng palaging pagtulog, at huag magising, sabi ng PANGINOON. 40 Aking mga ibababa na parang mga cordero sa patayan, parang mga lalaking tupa na kasama ng mga kambing na lalaki. 41 Kung paanong nasakop ang Sesaki; at ang kapurihan ng boong lupa ay nagitla; kung paanong ang Babilonia ay naging kagibaan sa gitna ng mga nasyon! 42 Ang dagat ay sumampa sa Babilonia: siya'y natakpan ng karamihan ng mga alon noon. 43 Ang kaniyang mga ciudad ay naging kagibaan, tuyong lupain at ilang, lupain na walang lalaking tumatahan, o dinaraan man ng sino mang anak ng tawo. 44 At ako'y gagawa ng kahatulan kay Bel sa Babilonia, at aking ilalabas sa kaniyang bibig ang kaniyang nasakmal; at ang mga nasyon ay hindi na buugsong magkakasama pa sa kaniya: oo, ang kuta ng Babilonia ay mububual.

45 Bayan ko, lumabas kayo sa kaniya, at lumigtas baw't isa sa mabangis na galit ng PANGINOON. 46 At huag manlupaypay ang inyong puso, o matakot man kayo sa ingay na maririnig sa lupain; sapagka't ang ingay ay darating na isang taon, at pagkatapos niyaon ay darating sa ibang taon ang isang kaingay, at ang pangdadahas sa lupain, puno laban sa puno. 47 Kaya't, narito, ang mga araw ay dumarating, na ako'y gagawa ng kahatulan sa mga larawang hinichurahan sa Babilonia, at ang kaniyang boong lupain ay mapapahiya; at ang lahat uiyong patay ay mabubual sa gitna niya. 48 Kung magkagayo'y ang langit at ang lupa, at lahat na nandoon, aawit dahil sa Babilonia sa kagalakan; sapagka't ang mga mananamsam ay darating sa kaniya mula sa hilagaan, sabi ng PANGINOON. 49 Kung paanong ibinual ng Babilonia ang namatay sa Israel, gayon mabubual sa Babilonia ang namatay sa boong lupain. 50 Kayong nakataanan sa tabak, yumaon kayo, huag kayong tumigil; inyong alalahanin ang PANGINOON sa malayo, at pasukin ang inyong pag-iisip ng Jerusalem. 51 Kami ay napahiya, sapagka't kami ay nakaring ng kakutyuan; kalituhan ay tumakip sa aming mga mukha: sapagka't ang mga taga ibang lupa ay nasok sa mga santuario ng bahay ng PANGINOON. 52 Kaya't narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng PANGINOON, na ako'y gagawa ng kahatulan sa kaniyang mga larawang hinichurahan; at sa boong lupain niya ay dadaing ang nasugatan. 53 Baga man ang Babilonia ay umilanglang hangang sa langit, at baga man kaniyang patibayin ang kataasan ng kaniyang kalakasap, gayon ma'y darating sa kaniya ang mga mananamsam na mula sa akin, sabi ng PANGINOON. 54 Ang tinig ng siyaw na mula sa Babilonia, at ng malaking kagibaan na mula sa lupain ng mga Kaldeo! 55 sapagka't ang PANGINOON ay sumasamsam sa Babilonia, at gumigiba sa kaniya ang dakilang voces; at ang kanilang mga alon ay humuhugon na parang maraming tubig, ang ingay ng kanilang voces ay lumabas: 56 sapagka't ang mananamsam ay dumating sa kaniya, sa Babilonia, at ang kaniyang mga makapangyarihan; lalaki ay nahuli, ang kanilang mga bosog ay nagkpirapiraso: sapagka't ang PANGINOON ay Dios ng mga kagantihan, siya'y tunay na magbabayad. 57 At

aking lalanguhin ang kaniyang mga pangulo at ang kaniyang mga pantas, ang kaniyang mga gobernador, at ang kaniyang mga puno, at ang kaniyang mga makapangyarihan; at siya'y matutulong ng walang hangang pagtulog, at hindi magigising, sabi ng Hari, na ang pangalan ay ang PANGINOON ng mga hukbo. 58 Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Ang makapal na kuta ng Babilonia ay lubos na magigiba, at ang kaniyang mga mataas na pintuang-daan ay masusunog ng apoy; at ang mga bayan ay gagawa sa kawalang kabuluhan, at ang mga nasyon sa apoy; at sila'y mapapagod.

59 Ang salita na inlutos ni Jeremias na profeta kay Seraya na anak ni Neria, na anak ni Mahseya, ng siya'y pumaroon sa Babilonia na kasama ni Zedekias na hari sa Juda, sa ikaapat na taon ng kaniyang paghahari. Si Seraya nga ay punong kamarero. 60 At sinulat ni Jeremias sa isang libro ang lahat na kasam-an na darating sa Babilonia, ang lahat ng salitang ito na nasusulat tungkol sa Babilonia. 61 At sinabi ni Jeremias kay Seraya: Pagdating mo sa Babilonia, iyo ngang tingnan na iyong basahin ang lahat na mga salitang ito, 62 at iyong sabihing: Oh PANGINOON, ikaw ay nagsalita tungkol sa lugar na ito, upang iyong ihiwalay, upang walang tumahan doon, maging tawo o hayop man, kungdi magiging giba magpakailan man. 63 At mangyari, pagka ikaw ay nakatapos ng pagbasa ng librong ito, na iyong tatalian ng bato, at ihagis mo sa gitna ng Eufrates: 64 at iyong sasabihing: Ganito lulubog ang Babilonia, at hindi lilitaw uli dahil sa kasam-an na aking dinala sa kaniya: at sila'y mapapagod.

Hangang dito ang mga salita ni Jeremias.

52 Si Zedekias ay dalawang puot isang taon ng siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing labing isang taon sa Jerusalem: at ang pangalan ng kaniyang ina ay Hamutal, na anak ni Jeremias na taga Libna. 2 At siya'y gumawa ng masama sa paningin ng PANGINOON, ayon sa lahat na ginawa ni Joakim. 3 Sapagka't dahil sa galit ng PANGINOON ay nangyari sa Jerusalem at sa Juda, hangang sa kaniyang mga naitaboy mula sa kaniyang harap: at si Zedekias ay nanhimagsik laban sa hari sa

Babilonia 4 At nangyari, ng ikasiam na taon ng kaniyang paghahari, ng ikasampung araw ng buan, na si Nebukadrezar na hari sa Babilonia ay dumating, siya at ang kaniyang boong kawal, laban sa Jerusalem, at nagtayo ng kamento laban doon, at sila'y nagtayo ng mga katibayan laban doon sa palibot. 5 Sa gayo'y nakulong ang ciudad hangang sa ikalabing isang taon ng haring Zedekias. 6 Ng ikaapat na buan, ng ikasiam na araw ng buan, ang kagutom ay mahigpit sa ciudad, na ano pa't walang tinapay para sa bayan ng lupain. 7 Ng magkagayo'y nagkasira sa ciudad, at lahat ng lalaking pangbaka ay tumakas, at lumabas sa ciudad ng kinagabihan, sa daan ng pintuang-daan sa pagitan ng dalawang kuta, na dasa tabi ng halamanan ng hari; (ang mga Kaldeo nga ay naging laban sa ciudad sa palibot:); at sila'y yumaon sa daan ng Araba. 8 Ngunit hinabol ang hari ng kawal ng mga Kaldeo, at inabutan si Zedekias sa mga kapatagan ng Jeriko; at ang boo niyang kawal ay nangalat na mula sa kaniya. 9 Ng magkagayo'y kanilang hinuli ang hari, at dinala nila siya sa hari sa Babilonia sa Ribla, sa lupain ng Hamat; at siya'y nagbigay ng kahatulan sa kaniya. 10 At pinatay ng hari sa Babilonia ang mga anak ni Zedekias sa harap ng kaniyang mga mata: kaniyang pinatay rin ang lahat na pangulo ng Juda sa Ribla. 11 At kaniyang dinukit ang mga mata ni Zedekias; at ginapos siya ng tanikalang tanso ng hari sa Babilonia at dinala siya sa Babilonia, at inilagay siya sa bilangguan hangang sa araw ng kaniyang kamatayan.

12 Ng ikalimang buan nga sa ikasampung araw ng buan, na siyang ikalabing siam na taon ng haring Nebukadrezar, na hari sa Babilonia, dumating sa loob ng Jerusalem si Nebuzaradan na kapitan ng bantay, na tumayo sa harap ng hari sa Babilonia: 13 at kaniyang sinunog ang bahay ng PANGINOON, at ang bahay ng hari; at ang lahat na bahay sa Jerusalem, lahat na malaking bahay, sinunog niya ng apoy. 14 At ang boong kawal ng mga Kaldeo na kasama ng kapitan ng bantay, nagbagsak ng lahat ng kuta sa Jerusalem sa palibot. 15 Ng magkagayo'y dinalang bihag ni Nebuzaradan na kapitan ng bantay ang mga pinakadukha sa bayan, at ang nalabi sa bayan na naiwan sa ciudad, at yaong mga takas, na kumampi

sa hari sa Babilonia, at ang nalabi sa karamihan. **16** Ngunit pag-iwan si Nebuzaradan na kapitan ng bantay sa mga pinakadukha sa lupain upang maging mga mang-uwasan at mga manbudukid. **17** At ang mga haliging tanso na nasa bahay ng PANGINOON, ang mga tungtungan, at ang dagat na tanso na nasa bahay ng PANGINOON, pinagpirapiraso ng mga Kaldeo, at dinala ang lahat na tanso ng mga yaon sa Babilonia. **18** Ang mga paliok naman, at ang mga pala, at ang mga pangipit, at ang mga mankok, at ang mga sandok, at ang lahat na sisidlan na tanso, na kanilang ipinamamahala, dinala nila. **19** At ang mga kopa, at ang mga pangsuo, at ang mga mankok, at ang mga paliok, at ang mga kandelerero, at ang mga sandok, at ang mga tasa; ang ginto sa ginto, at ang pilak sa pilak, dinala ng kapitan ng bantay. **20** Ang dalawang haligi, ang dagat, at ang labing dalawang torong tanso na nasa ilalim ng mga tungtungan, na ginawa ng haring Solomon para sa bahay ng PANGINOON: ang tanso ng lahat ng mga sisidlang ito ay walang timbang. **21** At tungkol sa mga haligi, ang kataasan ng isang haligi ay labing walong siko; at isang panali na labing dalawang siko ay unikat doon; at ang kapal noon ay apat na daliri: guang. **22** At isang kapitil na tanso ay nasa ibabaw noon; at ang kataasan ng isang kapitil ay limang siko, na yaring nilambat at may mga granada sa kapitil sa palibot, taganas na tanso: at ang ikalawang haligi naman ay mairuong gaya ng mga ito, at mga granada. **23** At mairuong siam na puot anim na granada sa mga tagiliran; lahat na mga granada ay isang daan na yaring nilambat sa palibot. **24** At kinuha ng kapitan ng bantay si Seraya na dakilang sacerdote, at si Zefanias na ikalawang sacerdote, at ang tatlong tagatanod pinto: **25** at sa ciudad ay kumuha siya ng isang oficial na inilagay niya sa mga lalaking pangbaka; at

pitong lalaki sa kanila na nakakakita ng mukha ng hari na nasumpungan sa ciudad; at ang kalibim ng kapitan ng hukbo, na pumipisa ng bayan ng lupain, at anim na puong katawo sa bayan ng lupain, na nasumpungan sa gitna ng ciudad. **26** At mga dinala ni Nebuzaradan na kapitan ng bantay, at mga dinala sa hari sa Babilonia sa Ribla. **27** At sinugatan sila ng hari sa Babilonia, at ipinapatay sila sa Ribla, sa lupain ng Hamat. Gayon nadalang bihag ang Juda mula sa kaniyang lupain. **28** Ito ang bayan na dinalang bihag ni Nebukadrezar ng ikapitong taon, tatlong libo at dalawang puot tatlong Judio: **29** ng ikalabing walong taon ni Nebukadrezar ay nagdala siya ng bihag na mula sa Jerusalem na walong daan at tatlong puot dalawang katawo: **30** ng ikadalawang puot tatlong taon ni Nebukadrezar ay nagdala ng bihag sa mga Judio si Nebuzaradan na kapitan ng bantay na pitong daan at apat na puot limang katawo: lahat na katawo ay apat na libo at anim na raan.

**31** At nangyari, ng ikatatlong puot pitong taon ng pagkabilag ni Joakim na hari sa Juda, sa ikalabing dalawang buan, sa ikadalawang puot limang araw ng buan, na si Evil-merodak na hari sa Babilonia, sa unang taon ng kaniyang pagbahari, nagtaas ng ulo ni Joakim na hari sa Juda, at inilalabas niya siya sa bilangguan; **32** at siya'y nagsalitang may kagandahang-loob sa kaniya, at naglagay ng kaniyang luklukan na lalong mataas kay sa luklukan ng mga hari na kasama niya sa Babilonia. **33** At kaniyang binago ang kaniyang mga damit na pagkabilag, at kumain ng tinapay na lagi sa harap niya sa lahat ng araw ng kaniyang buhay. **34** At tungkol sa kaniyang bahagi, nagkaroon ng laging bahagi na ibinibigay sa kaniya ang hari sa Babilonia, bawat araw ay isang bahagi hanggang sa kaarawan ng kaniyang kamatayan, lahat ng kaarawan ng kaniyang buhay.

# MGA PANAGHOY NI JEREMIAS.

- 1 | Bakit nakaupong mag-isa, ang ciudad na puno ng bayan!  
 | *Bakit* naging parang isang bao!  
 | Siyang naging malaki sa gitna ng mga nasyon, at pangulo sa gitna ng mga lalawigan,  
 | *Bakit* siya'y naging mamumis!
- 2 Siya'y umiyyak na mainam sa kina-gabihan, at ang mga luha niya ay nasa kaniyang mga pisngi;  
 Walang umaliw sa kaniya sa lahat na manliligaw sa kaniya:  
 Lahat ng kaniyang mga kaibigan ay gumawang may kaliluhan sa kaniya, Siya'y naging kaniyang mga kaaway.
- 3 Ang Juda ay yumaon sa pagkabihag dahil sa pagkapighati, at dahil sa malaking paglilingkod;  
 Siya'y tumatahan sa gitna ng mga walang Dios, siya'y hindi nakaka-sumpong ng kapahingahan:  
 Inabutan siya sa mga kagipitan ng lahat na manghahabol sa kaniya.
- 4 Ang mga daan ng Zion ay tumatangis, sapagka't walang pumaparoon sa dakilang kapisanan;  
 Lahat niyang mga pintuang-dsan ay giba, ang mga sacerdote niya'y nagbubuntong hininga:  
 Ang mga dalaga niya ay nagdadalam-hati, at siya'y nasa kapaitan.
- 5 Ang kaniyang mga kaalit ay naging pangulo, ang kaniyang mga kaaway ay guminhawa;  
 Sapagka't pinighati siya ng PANGINOON dahil sa karamihan ng kaniyang mga pagsalangsang:  
 Ang kaniyang mga batang anak ay nasok sa pagkabihag sa harap ng kaalit.
- 6 At nawala ang boong kamahalan ng anak na babaye ng Zion:  
 Ang kaniyang mga pangulo ay naging parang mga usa na hindi maka-sumpong ng sabsabin,  
 At mga yumaong walang kalakasan sa harap ng manhahabol.
- 7 Naalala ng Jerusalem sa kaarawan ng kaniyang pagkapighati at ng kaniyang mga karalitaan.  
 Ang lahat niyang mga naging maligayang bagay ng mga araw ng una:  
 Ng mabual ang kaniyang bayan sa kamay ng kaalit, at walang sumaklolo sa kaniya,  
 Nakita siya ng mga kaalit, tinuya nila ang kaniyang mga kagibaan.
- 8 Ang Jerusalem ay nagkasalang mainam; kaya't siya'y naging parang maruming bagay:  
 Lahat ng nagpaparangal sa kaniya ay niwawalang kabuluhan siya, sapagka't kanilang nakita ang kaniyang kahubaran:  
 Oo, siya'y nagbubuntong hininga, at tumatalikod.
- 9 Ang kaniyang karumihan ay nasa kaniyang mga laylayan; hindi niya naalala ang kaniyang huling wakas;  
 Kaya't siya'y nababang kamaughamanga; siya'y walang mang-naliw:  
 Masdan mo Oh PANGINOON, ang aking pagkapighati; sapagka't ang kaaway ay nagmalaki.
- 10 Iniladlad ng kaalit ang kaniyang kamay sa lahat niyang maligayang bagay:  
 Sapagka't nakita niya na ang mga walang Dios ay nasok sa kaniyang santuario,  
 Tungkol sa iyong mga pinagsuguan na hindi magsisipasok sa iyong kapulungan.
- 11 Boong bayan niya ay nagbubuntong hininga, sila'y humahanap ng tinapay;  
 Ibinigay nila ang kanilang mga maligayang bagay na kapalit ng pagkain upang magpaginhawa ng kalulua:  
 Iyong tingnan, Oh PANGINOON, at masdan mo; sapagka't ako'y naging walang kabuluhan.
- 12 | Wala bang ano man sa inyo ang lahat niyong pinararaan?

- Inyong masdan, at inyong tingnan kung may ano mang kapanlawan na gaya ng aking kapanlawan, na nagawa sa akin,
- Na ipinighati sa *akin* ng PANGINOON sa kaarawan ng kaniyang mabangis na galit.
- 13 Mula sa itaas ay nagsugo siya ng apoy sa aking mga buto, at mga pinananganigan:
- Kaniyang ipinagladlad ng silo ang aking mga paa, kaniyang ibinalik ako;
- Kaniyang ginawa akong giba at lupaypay boong araw.
- 14 Ang pamatok ng aking mga pagsalangsang ay tinalian ng kaniyang kamay;
- Mga nangulubot, nangagsisampa sa aking leeg; kaniyang pinanglupaypay ang aking kalakasan:
- Ibinigay ako ng Panginoon sa kanilang mga kamay, laban sa mga hindi ko matatayuan.
- 15 Inilagay ng Panginoon sa wala ang lahat na aking mga makapangyarihang lalaki sa gitna ko;
- Siya'y tumawag ng isang dakilang kapisanan laban sa akin upang pagpirirasuhin ang aking mga binata:
- Niyapakan ng Panginoon na parang uvasan ang mga anak na dalaga ng Juda.
- 16 Dahil sa mga bagay na ito ay umiiyak ako: ang mata ko, ang mata ko ay umaagos ng tubig;
- Sapagka't ang mang-aaliw na marapat magpaginhawa ng aking kalulua ay malayo sa akin:
- Ang mga anak ko ay tapon, sapagka't nanaig ang kaaway.
- 17 Iniuat ng Zion ang kaniyang mga kamay; walang umaliw sa kaniya;
- Nag-utos ang PANGINOON tungkol sa Jakob, na silang nasa palibot niya ay magiging kaniyang mga kaalit:
- Ang Jerusalem ay parang maruming bagay sa gitna nila.
- 18 Ang PANGINOON ay banal; sapagka't ako'y nanghimagsik laban sa kaniyang utos:
- Inyong dingin, isinasamo ko sa inyo, ninyong lahat na mga bayan, at inyong masdan ang aking kapanlawan:
- Ang aking mga dalaga at ang aking mga binata ay yumaon sa pagkabihaig.
- 19 Aking tinawagan ang mga manliligaw sa akin, *nguni't* sila'y nagdaya sa akin:
- Pinatid ng aking mga sacerdote at ng aking mga matanda ang hinga sa ciudad,
- Habang mga humahanap sila ng pagkain upang paginhawabin ang kanilang mga kalulua.
- 20 Iyong masdan, Oh PANGINOON; sapagka't ako'y nasa kapanlawan; ang aking tiyan ay umuusog;
- Ang aking puso ay nagbalik sa loob ko; sapagka't ako'y nanghimagsik na mainam:
- Sa labas ay tabak ang lumalansag, sa loob ay may parang kamatayan.
- 21 Nariing nila na ako'y bumubuntong hininga; walang umaliw sa akin;
- Labat ng aking mga kaaway ay nakarinig ng aking mga kabagabagan; sila'y natua na iyong ginawa:
- Iyong dadalhin ang araw na iyong itinanyag, at sila'y magiging gaya ko.
- 22 Dumating ang lahat nilang kasam-an sa harap mo;
- At gawin mo sa kanila, gaya ng ginawa mo sa akin dahil sa lahat kong mga pagsalangsang:
- Sapagka't ang aking mga buntong hininga ay marami, at ang aking puso ay nanlulupaypay.
- 2 | Bakit tinakpan ng Panginoon ang anak na dalaga ng Zion ng alapaap sa kaniyang galit!
- Kaniyang inibagis mula sa langit hangang sa lupa ang kagandahan ng Israel,
- At hindi inalala ang kaniyang tungtungan ng paa sa kaarawan ng kaniyang galit.
- 2 Nilamon ng Panginoon ang lahat na tahanan ng Jakob, at hindi naawa;
- Kaniyang ibinagsak sa kaniyang pag-iinit ang mga katibayan ng anak na babaye ng Juda;
- Kaniyang mga ibinaba sa lupa:
- Kaniyang dinumban ang kaharian at ang mga pangulo noon.
- 3 Kaniyang inihwalay sa mabangis na galit ang boong sungay ng Israel;



- Kaniyang itinalikod ang kaniyang kamay sa harap ng kaaway :  
At kaniyang sinilaban ang Jakob na parang maalab na apoy, na pumupugnaw sa palibot.
- 4 Kaniyang iniakma ang kaniyang bosog na parang kaaway, siya'y tumayo na may *tanang* ang kaniyang kanan na parang kaalit,  
At pinatay ang lahat na maligaya sa mata :  
Sa dampa ng anak na babaye ng Zion ay kaniyang ibinuhos ang kaniyang pag-aalab ng loob na parang apoy.
- 5 Ang Panginoon ay naging parang kaaway, kaniyang nilamon ang Israel ;  
Kaniyang nilamon ang lahat niyang mga palacio, kaniyang iginiba ang kaniyang mga katibayan :  
At kaniyang pinarami sa anak na babaye ng Juda ang pagtangis at panagho.
- 6 At kaniyang inalis na marahas ang tabernakulo niya na parang nasa halamanan ;  
Kaniyang giniba ang kaniyang lugar ng kapisanan :  
Ipinalimot ng PANGINOON ang dakilang kapisanan at sabado sa Zion,  
At niwalang kabuluhan sa pag-iinit ng kaniyang galit ang hari at ang sacerdote.
- 7 Iniwesak ng Panginoon ang kaniyang altar, kaniyang kinapootan ang kaniyang santuario,  
Kaniyang ibinigay sa kamay ng kaaway ang mga kuta ng kaniyang mga palacio :  
Sila'y nag-ingay sa bahay ng PANGINOON, ng gaya sa araw ng dakilang kapisanan.
- 8 Pinasiyahan ng PANGINOON na gibain ang kuta ng anak na babaye ng Zion ;  
Kaniyang iniladlad ang lubid, hindi niya iniurong ang kaniyang kamay sa paggiba :  
Kungdi kaniyang pinanagho ang moog at ang kuta ; mga nanlulupaypay na kapua.
- 9 Ang kaniyang mga pintuang-daan ay nabaon sa lupa ; kaniyang giniba at sinira ang kaniyang mga halang :  
Ang kaniyang hari at ang kaniyang mga pangulo ay nasa gitna ng mga nasyon na hindi kinaroroonan ng kautusan ;
- Oo, ang kaniyang mga profeta ay hindi nakakasumpong ng malikmata sa PANGINOON.
- 10 Ang mga matanda ng anak na babaye ng Zion ay nauupo sa lupa, sila'y tumatahimik ;  
Sila'y nagsaboy ng alabok sa kanilang ulo ; sila'y nagbigkis ng kayong magaspang :  
Itinungo ng mga dalaga ng Jerusalem ang kanilang mga ulo sa lupa.
- 11 Pinangangalumata ng mga luha ang aking mga mata, umuusog ang aking tiyan,  
Ang aking atay ay nabubuhos sa lupa, dahil sa kagibaan ng anak na babaye ng aking bayan ;  
Sapagka't ang mga bata at ang mga pasusuhin ay nanlulupaypay sa mga langganan ng ciudad.
- 12 Kanilang sinasabi sa kanilang mga ina :  
¿Saan nandoon ang trigo at alak ?  
Pagka sila'y nanlulupaypay na parang sugatan sa mga langganan sa ciudad,  
Pagka ang kanilang kalulua ay nabuhos sa kandungan ng kanilang mga ina.
- 13 ¿Ano ang aking patototohanan sa iyo ?  
¿Sa ano kita iwawangis, Oh anak na babaye ng Jerusalem ?  
¿Ano ang ipaparis ko sa iyo, upang maaliw kita, Oh anak na dalaga ng Zion ?  
Sapagka't ang iyong sira ay malaking gaya ng dagat : ¿sinong makagagamot sa iyo ?
- 14 Ang iyong mga profeta ay nakakita para sa iyo ng mga malikmata ng kawalang kabuluhan at kamangmangan ;  
At hindi nila inilitaw ang iyong kasaman, upang dalhin uli ang iyong pagkabihag :  
Kungdi nakakita para sa iyo ng mga pasan ng kawalang kabuluhan at mga kadahilanan ng pagkatapon.
- 15 Lahat na nagdaraan ay ipinapakpak ang kanilang kamay sa iyo :  
Sila'y sumusutot at iginagalaw ang kanilang ulo sa anak na babaye ng Jerusalem, na *sinasabing* :

- ¿Ito ba ang ciudad na tinatawag ng mga tawong: Ang kasakdalan ng kagandahan, Ang kagalakan ng boong lupa?
- 16 Ibinukang maluang ng lahat mong mga kaaway ang kanilang bibig laban sa iyo;  
Sila'y sumusutsot at nagugangalit ng ngipin; kanilang sinasabing: Aming nilamon siya;  
Tunay na ito ang araw na aming hinihintay; aming nasumpungan, aming nakita.
- 17 Ginawa ng PANGINOON ang kaniyang kinatha;  
Kaniyang tinupad ang kaniyang salita na kaniyang iniutos ng mga araw ng una;  
Kaniyang ibinagsak, at hindi naawa: At kaniyang pinagalak ang kaaway sa iyo,  
Kaniyang pinataas ang sungay ng iyong mga kaalit.
- 18 Ang kanilang puso ay dumadaing sa Panginoon:  
Oh kuta ng anak na babaye ng Zion, unagos ang mga luha na parang ilog araw at gabi;  
Huag kang magbigay sa iyo ng kapahingahan; huag maglikat ang salamin ng iyong mata.
- 19 Ikaw ay bumangon, humiyaw ka sa kinagabihan, sa pagpapasimula ng mga pagpupuyat.  
Ibuhos mo ang iyong puso na parang tubig sa harap ng mukha ng Panginoon:  
Itaas mo ang iyong mga kamay sa kaniya dahil sa buhay ng iyong mga batang anak,  
Na nanlulupaypay sa gutom sa dulo ng lahat na langsaan.
- 20 Tingnan mo, Oh PANGINOON, at masdan mo, kung kanino mo ginawa ang ganito!  
¿Kakanin ba ng mga babaye ang kanilang bunga, ang mga anak na kinalong sa mga kamay?  
¿Papatayin ba ang sacerdote at ang profeta sa santuario ng Panginoon?
- 21 Ang binata at ang matanda ay humihiga sa lupa sa mga langsaan;  
Ang aking mga dalaga at ang aking mga binata ay nabual sa tabak,  
Iyong pinatay sila sa kaarawan ng iyong galit; iyong pinatay, at hindi ka naawa.
- 22 Ikaw ay tumawag ng gaya sa araw ng dakilang kapisanan, ang aking mga kakilabutan sa lahat ng dako.  
At walang nakataanan, o nalabi sa kaarawan ng galit ng PANGINOON:  
Yaong aking mga kinalong at pinalaki ay nilipol ng aking kaaway.
- 3 Ako ang lalaki na nakakita ng pagkapighati sa tungkod ng iyong pag-iinit.
- 2 Ako'y kaniyang pinatnubayan at pinalakad sa kadiliman, at hindi sa liwanag.
- 3 Tunay na laban sa akin ay kaniyang ipinipihit ang kaniyang kamay mul't muli boong araw.
- 4 Ang aking laman at aking balat ay pinatanda niya; kaniyang binali ang aking mga buto.
- 5 Siya'y nagtayo laban sa akin, at kinulong ako ng apdo at pagdaramdam.
- 6 Kaniyang pinatahan ako sa mga madilim na lugar, gaya ng mga namatay ng malaon.
- 7 Kaniyang binakuran ako upang huag akong makalabas; kaniyang pinabigat ang aking tanikala.
- 8 Oo, pagka ako'y dumadaing at humihingng tulong, kaniyang itinatakul ang aking daing.
- 9 Kaniyang binakuran ang aking mga lakad ng hinichurahang bato, kaniyang iniliko ang aking mga landas.
- 10 Siya'y oso sa akin na nag-aabang, na gaya ng leon sa mga kubling lugar.
- 11 Kaniyang iniligaw ang aking mga lakad, at ako'y iniwasak niya: kaniyang ginawa akong giba.
- 12 Kaniyang iniakma ang kaniyang bosog, at ginawa akong pinaka tanda sa pana.
- 13 Ang mga pana ng kaniyang lalagyan ng pana ay kaniyang pinapasak sa aking mga pag-iisip.
- 14 Ako'y naging kakutyaan sa aking boong bayan; at kanilang awit boong araw.
- 15 Kaniyang pinuno ako ng kapaitan, kaniyang sinuya ako ng ajenjo.

- 16 Kaniya namang binali ang aking mga ngipin ng mga batong lapok, kaniyang tinakpan ako ng mga abo.
- 17 At iyong inilayo ang aking kalulua sa kapayapaan; ako'y nakalilimot ng kaginhawahan.
- 18 At aking sinabing: Ang lakas ko'y nawala, at ang aking pag-asa sa PANGINOON.
- 19 Iyong alalahanin ang aking pagkapihati at ang aking karalitaan, ang ajenjo at ang apdo.
- 20 Ang kalulua ko'y naaalala nila pa, at nakukuba sa loob ko.
- 21 Ito ang ginugunita ko sa aking pag-iisip, kaya't may pag-asa ako.
- 22 Sa mga kaawaan ng PANGINOON nga na hindi tayo nalipol, sapagka't ang kaniyang mga habag ay hindi naubos.
- 23 Mga bago tuing umaga; malaki ang inyong pagtatapat.
- 24 Ang PANGINOON ay aking bahagi, sabi ng aking kalulua; kaya't ako'y aasa sa kaniya.
- 25 Ang PANGINOON ay mabuti sa kanila na naghihintay sa kaniya, sa kalulua na humahanap sa kaniya.
- 26 Mabuti nga na ang tawo ay umasa at tahimik na maghintay sa pagliligtas ng PANGINOON.
- 27 Mabuti nga sa tawo na magdala ng pamatok sa kaniyang kabatsan.
- 28 Maupo siyang mag-isa at tumahimik, sapagka't kaniyang inilagay sa kaniya.
- 29 Ilagay niya ang kaniyang bibig sa alabok; kung gayo'y magkakaroon siya ng pag-asa.
- 30 Ibigay niya ang kaniyang pisngi sa sumusugat sa kaniya; mapuno siya ng kadustaan.
- 31 Sapagka't ang Panginoon ay hindi magtatakuil magpakailan man.
- 32 Sapagka't бага man siya'y nagpapaanlaw, gayon ma'y magkakaroon siya ng habag ayon sa karamihan ng kaniyang mga kaawaan.
- 33 Sapagka't siya'y hindi pumipighating kusa, o nagpapaanlaw man sa mga anak ng mga tawo.
- 34 Ang pagyapak sa ilalim ng paa ang lahat ng bihag sa lupa,
- 35 Ang pagliligot ng matuid ng tawo sa harap ng mukha ng Kataastaasan,
- 36 Ang pagliligaw sa tawo sa kaniyang usap, hindi kinatulugdan ng Panginoon.
- 37 Sino siya na nagsasabi, at nangyayari, na hindi iniuutos ng Panginoon?
- 38 Hindi ba sa bibig ng Kataastaasan nangagaling ang masama't mabuti?
- 39 Bakit dumadaing ang tawong may buhay, ang tawo dahil sa parusa sa kaniyang mga kasalanan?
- 40 Tayo'y mag-usisa at sumulit ng ating mga lakad, at magbalik sa PANGINOON.
- 41 Itaas natin ang ating puso sampuo ng ating mga kamay sa Dios sa mga langit.
- 42 Kami ay sumalangsang at nanghimagsik; ikaw ay hindi nagpatawad.
- 43 Ikaw ay nagtakip ng galit at hinabol mo kami; ikaw ay pumatay, ikaw ay hindi naawa.
- 44 Ikaw ay nagtakip sa iyong sarili ng alapaap, upang huag dumaan ang aming dalangin.
- 45 Iyong ginawa kaming parang banlik at dumi sa gitna ng mga bayan.
- 46 Ibinukang maluag ng lahat ng aming mga kaaway ang kanilang bibig laban sa amin.
- 47 Takot at hukay ay dumating sa amin, kagulo at kagibaan.
- 48 Ang mata ko'y umaagos ng mga ilog ng tubig, dahil sa pagkasira ng anak na babaye ng aking bayan.
- 49 Ang mata ko'y nagbubuhos at hindi nagliligat, na walang pamamagitan,
- 50 Hangang sa ang PANGINOON ay tumungo, at tumingin mula sa langit.
- 51 Kinikilos ng aking mata ang aking kalulua, dahil sa lahat na anak na babaye ng aking ciudad.
- 52 Kanilang sinilo akong mainam na parang ibon, na mga aking kaaway na walang kadahilanan.

- 53 Kanilang pinaikli ang aking buhay sa bilangguan, at hinagisan ng bato ako.
- 54 Mga tubig ay umagos sa aking ulo; aking sinabing; ako'y naliwalay.
- 55 Ako'y tumawag sa iyong pangalan, Oh PANGINOON mula sa kabababa-baang hukay.
- 56 Iyong dininig ang aking voces; huag mong ikubli ang iyong pakinig sa aking hinga, sa aking daing.
- 57 Ikaw ay lumapit sa araw na ako'y tumawag sa iyo: iyong sinabing: Huag kang matakot.
- 58 Oh Panginoon, iyong ipinagsangalang ang mga usap ng aking kalulua; iyong tinubos ang aking buhay.
- 59 Oh PANGINOON, iyong nakita ang aking pagkaapi; hatulan mo ang aking usap.
- 60 Iyong nakita ang lahat nilang pagganti, at ang lahat nilang pagkatha laban sa akin.
- 61 Iyong narinig ang kanilang pagduahagi, Oh PANGINOON, at lahat nilang pagkatha laban sa akin;
- 62 Ang mga labi ng mga nagbabangon laban sa akin, at ang kanilang akala laban sa akin boong araw.
- 63 Masdan mo ang kanilang pag-ppo, at ang kanilang pagtayo; ako ang kanilang awit.
- 64 Ikaw ay magbibigay sa kanila ng kagantihan, Oh PANGINOON, ayon sa gawa ng kanilang mga kamay.
- 65 Iyong bibigyan sila ng katigasan ng puso, ang iyong sumpa sa kanila.
- 66 Iyong hahabulin sila sa galit, at iyong lilipulin sila mula sa ilalim ng mga langit ng PANGINOON.
- 4 | Bakit ang ginto ay naging malabo! | bakit ang pinakadalisay na ginto ay nagbago!  
Ang mga bato ng santuario ay nabuhos sa dulo ng lahat na langganan,
- 2 Ang mga mahalagang anak ng Zion, katulad ng dalisay na ginto,  
| Bakit mga nahalagahan ng parang mga sisidlang lupa, na gawa ng mga kamay ng magpapaliok!
- 3 Pati ng mga chakal ay naglalabas ng suso, mga nagpapasuso sa kanilang mga anak:  
Ang anak na babaye ng aking bayan ay naging mabagsik, gaya ng mga avestruz sa ilang.
- 4 Ang dila ng sumusong bata ay nadi-dikit sa ngalangala ng kaniyang bibig dahil sa uhaw:  
Ang mga munting bata ay humihingi ng tinapay, at walang tawong magpiraso sa kanila.
- 5 Silang kumakaing may kalinisan ay nagiba sa mga langganan:  
Silang mga lumaki sa eskarlata ay yumayakap sa mga dumi.
- 6 Sapagka't ang kasam-an ng anak na babaye ng aking bayan ay lalong malaki kay sa kasalanan ng Sodoma, Na nagiba sa isang sandali, at walang mga kamay na humawak sa kaniya.
- 7 Ang kaniyang mga maginoo ay lalong malinis kay sa nieve, mga lalong maputi kay sa gatas,  
Sila'y lalong mapula sa katawan kay sa mga rubi, ang kanilang kisig ay gaya ng zafiro:
- 8 Ngunit nayo'y ang kanilang hichura ay lalong maitim kay sa uling; sila'y hindi kilala sa mga langganan:  
Ang kanilang balat ay dumidikit sa kanilang mga buto; natutuyo, nagiging parang tungkod.
- 9 Silang napatay ng tabak ay lalong gutom; kay sa kanila na patay ng gutom;  
Sapagka't ang mga ito ay humahapay, na napalagpasan dahil sa pangangailangan ng mga bunga sa parang.
- 10 Ang mga kamay ng mga mahabaging babaye ay nagluto ng kanilang sariling mga anak;  
Mga naging kanilang pagkain sa kagibaan ng anak na babaye ng aking bayan.
- 11 Tinupad ng PANGINOON ang kaniyang pag-aalab ng loob, kaniyang ibinuhos ang kaniyang mabangis na galit;  
At siya'y nagpaalab ng apoy sa Zion, na pumugnaw ng mga cimientoon.
- 12 Ang mga hari sa lupa ay hindi naniwala, o ang lahat mang mananahan sa sanlibutan,  
Na ang kaaway at kaalit ay papasok sa mga pintuang-daan ng Jerusalelem.

- 13 Dahil nga sa mga kasalanan ng kaniyang mga profeta, at sa mga kasamanan ng kaniyang mga sacerdote, Na nagbubo ng dugo ng banal sa gitna niya.
- 14 Sila'y gumagalang parang mga bulag sa mga langsgangan, sila'y nadudumhan ng dugo, Na ano pa't hindi mahipo ng mga tawo ang kanilang mga suot.
- 15 Humiwalay kayo, sila'y humihiyaw sa kanila, Marumil kayo'y humiwalay, kayo'y humiwalay, huag gumalaw: Pagka sila'y tumatakas at gumagala, sinasabi ng mga tawo sa gitna ng mga nasyon: Hindi na sila mangingibang bayan pa dito.
- 16 Hinati sila ng galit ng PANGINOON; siya'y hindi na hihilig pa sa kanila: Hindi nila iginagalang ang mga pagkatawo ng mga sacerdote, hindi nila pinakukundanganan ang mga matanda.
- 17 Ang aming mga mata ay nangangalumata dahil sa aming paghihintay ng walang kabuluhang tulong: Sa aming paghihintay ay naghihintay kami sa isang nasyon na hindi makaligtas.
- 18 Kanilang hinuhuli ang aming mga hakbang, upang huag kaming makayaon sa aming mga langsgangan: Ang aming wakas ay malapit na, ang aming mga araw ay naganap; sapagka't ang aming wakas ay dumating.
- 19 Ang mga manghahabol sa amin ay lalong maliksi kay sa mga aguila sa himpapawid: Kanilang hinuli kami sa mga bundok, kanilang binakayan kami sa ilang.
- 20 Ang hinga ng aming mga butas ng ilong, ang pinahiran ng PANGINOON ay nahuli sa kanilang mga hukay; Sa kanino namin sinasabing: Sa ilalim ng kaniyang mga hilim ay mabubuhay kami sa mga nasyon.
- 21 Ikaw ay magalak at matua, Oh anak na babaye ng Edom, na tumatahan sa lupain ng Uz: Ang kopa ay lalagpas din sa iyo; ikaw ay malalango, at magpapakahubad.
- 22 Ang parusa ng iyong kasamanan ay naganap, Oh anak na babaye ng Zion;

Hindi ka na niya dadalhin pa sa pagkabihag:  
Kaniyang dadalawin ang iyong kasaman, Oh anak na babaye ng Edom;  
Kaniyang ililitaw ang iyong mga kasalanan.

- 5 Iyong alalahanin, Oh PANGINOON, kung anong dumating sa amin: Iyong masdan, at tingnan ang aming kaduahagihan.
- 2 Ang aming mana ay napasa mga taga ibang lupa, Ang aming mga bahay sa mga kaaway.
- 3 Kami ay mga ulila at walang ama, Ang aming mga ina ay parang mga bao.
- 4 Aming iniinom ang aming tubig sa halaga ng salapi; Ang aming kahoy ay ipinagbibili sa amin.
- 5 Ang mga manghahabol sa amin ay nasa aming mga leeg: Kami ay mga pagod at walang kapahingahan.
- 6 Kami ay nakipagkamay sa mga taga Egipto, At sa mga taga Asiria, upang mabusog ng tinapay.
- 7 Ang aming mga magulang ay nagkasala at wala na; At aming dinala ang kanilang mga kasaman.
- 8 Mga alipin ay nagpupuno sa amin. Walang magligtas sa amin sa kanilang kamay.
- 9 Aming tinatamo ang aming tinapay sa pamamagitan ng kapahamakan ng aming mga buhay Dahil sa tabak sa ilang.
- 10 Ang aming balat ay maitim na gaya ng hurno Dahil sa maningas na init ng kagutom.
- 11 Kanilang dinahas ang mga babaye sa Zion, Ang mga dalaga sa mga ciudad ng Juda.
- 12 Ang mga pangulo ay nabibitin ng kanilang kamay: Ang mga mukha ng mga matanda ay hindi iginagalang.
- 13 Ang mga binata ay nagpapasanan ng gilingan, At ang mga bata ay nadudulas sa ilalim ng kahoy.
- 14 Ang mga matanda ay naglikat sa pintuang-daan,

- Ang mga binata'y sa kanilang mga pagtugtog.
- 15 Ang kagalakan ng aming puso ay naglikat;  
Ang aming sayaw ay naging tanġis.
- 16 Ang korona ay nahulog sa aming ulo;  
!Sa aba namin! sapagka't kami ay nagkasala.
- 17 Dahil dito ang aming puso ay nanlulupaypay;  
Sa mga bagay na ito ay nagdidilim ang aming mga mata;
- 18 Dahil sa bundok ng Zion na nagiba;  
Nilalakaran ng mga zorra.
- 19 Ikaw, Oh PANĠNOON, tumatahan magpakailan man;  
Ang iyong luklukan ay sa lahat ng lahi.
- 20 !Bakit mo nga kami nililimot magpakailan man,  
At nililimot mo kaming totoong malaon?
- 21 Magbalik ka sa amin, Oh PANĠNOON, at kami ay mababalik:  
Baguhin mo ang aming mga araw na gaya ng una.
- 22 Nguni't itinakuil mo kaming lubos, Ikaw ay totoong nagalit laban sa amin.

## ANG LIBRO NG PROFETA

## EZEKIEL.

1 Nangyari nga ng ikatatlong puong taon, sa ikaapat na buan, ng ikalima ng buan, samantalang ako'y nasa mga bilag sa tabi ng ilog Kebar, na ang mga langit ay nabuksan, at ako'y nakakita ng mga malikmata ng Dios. 2 Ng ikalima ng buan, na siyang ikalimang taon ng pagkabisag ng haring Joakim, 3 ang salita ng PANĠNOON ay dumating na may pagsasaysay kay Ezekiel na sacerdote, na anak ni Buzi, sa lupain ng mga Kaldeo sa tabi ng ilog Kebar; at ang kamay ng PANĠNOON ay dumoon sa kaniya. 4 At ako'y tumingin, at, narito, isang ipoipo ay lumabas na mula sa hilagaan, na isang malaking alapaap, na may isang apoy na naglilikom sa kaniyang sarili, at isang ningning sa palibot, at mula sa gitna noo'y ang parang kulay ng ambar, mula sa gitna ng apoy. 5 at mula sa gitna noo'y nangaling ang kaha-wig ng apat na nilikhang may buhay. At ito ang kanilang hichura; sila'y may pagkawangis ng isang tawo. 6 At bawa't isa ay may apat na mukha, at bawa't isa sa kanila ay may apat na pakpak. 7 At ang kanilang mga paa ay mga matuid na paa; at ang talampakan ng kanilang mga paa ay gaya ng talampakan ng paa ng isang guya: at sila'y kumikinang na gaya ng ku-lay ng tansong biuli. 8 At sila'y may mga kamay ng tawo sa ilalim ng kanilang mga pakpak sa kanilang apat na tagiliran: at silang apat ay may kanilang mga mukha, at may kanilang mga pakpak na ganito; 9 ang kanilang mga pakpak ay nagkakadikitan; sila'y hindi lumingon pagyaon nila; sila'y yumaon bawa't isa na matuid na nagpatuloy. 10 Tungkol sa hichura ng kanilang mga mukha, sila'y may mukhang tawo; at silang apat ay may mukha ng leon sa kanang tagiliran; at silang apat ay may mukha ng baka sa kaliwang tagiliran; silang apat ay may mukha rin ng aguil. 11 At ang kanilang mga mukha at ang kanilang mga pakpak ay nagkakahiwalay sa itaas: dalawang pakpak ng bawa't isa ay nagkakadikitan, at ang dalawa ay tumatakip ng kanilang mga katawan. 12 At sila'y yumaon bawa't isa na matuid na patuloy; kung saan naparoroon ang espiritu doon sila naparoroon; sila'y hindi lumilingon pagka sila'y yumayaon. 13 Tungkol sa wangis ng mga nilikhang may buhay, ang kanilang hichura ay gaya ng mga bagang apoy, gaya ng hichura ng mga pananglaw; tumataas at bumababa sa gitna ng mga nilikhang may buhay: at ang apoy ay

makinang, at mula sa apoy, lumabas ay kidlat. 14 At ang mga nilikhang may buhay ay tumakbo at nagbalik na gaya ng hichura ng kislap ng kidlat. 15 Samantalang aking minamasdan nga ang mga nilikhang may buhay, narito, ang isang gulong sa lupa sa siping ng mga nilikhang may buhay, para sa bawat isa sa apat na mukha ng mga yaon. 16 Ang hichura ng mga gulong at ng kanilang pagkayari ay gaya ng kulay ng berilo: at silang apat ay may isang wangis: at ang kanilang hichura at ang kanilang pagkayari ay gaya ng isang gulong sa loob ng isang gulong. 17 Pagka yumaon, mga yumaon sa kanilang apat na dako: hindi mga lumiliko pagka mga yumaon. 18 Tungkol sa kanilang mga tadyang ay mga mataas at nakatatakot; at silang apat ay may kanilang mga tadyang na puno ng mga mata sa palibot. 19 At pagka ang mga nilikhang may buhay ay yumayaon, ang mga gulong ay yumayaon sa siping nila: at pagka ang mga nilikhang may buhay ay nataas mula sa lupa ang mga gulong ay nataas. 20 Kung saan ang espiritu ay naparoroon sila'y naparoroon; doon naparoroon ang espiritu: at ang mga gulong ay natataas sa siping nila; sapagka't ang espiritu ng nilikhang may buhay ay nasa mga gulong. 21 Pagka ang mga yaon ay yumayaon, ang mga ito'y yumayaon; at pagka ang mga yaon ay tumatayo, ang mga ito ay tumatayo; at pagka ang mga yaon ay natataas mula sa lupa, ang mga gulong ay natataas sa siping nila; sapagka't ang espiritu ng nilikhang may buhay ay nasa mga gulong. 22 At sa ibabaw ng ulo ng nilikhang may buhay, may kawangis ng langit, na gaya ng kulay ng kakilakilabot na cristal, na nakaunat sa itaas ng kanilang mga ulo. 23 At sa ilalim ng langit ay nakaunat ang kanilang mga pakpak, na ang isa ay sa dako ng isa: bawat isa'y may dalawa na tumatakip ng kaniyang katawan sa dakong ito, at bawat isa'y may dalawa na tumatakip sa dakong yaon. 24 At ng sila'y yumaon, aking narinig ang pagaspas ng kanilang mga pakpak na gaya ng hugong ng maraming tubig, gaya ng voces ng Makapangyarihan-sa-labat, na hugong ng pagkaka-gulo na gaya ng hugong ng isang hukbo: pagka sila'y tumatayo, kanilang ibinababa ang kanilang mga pakpak. 25 At may voces sa itaas ng langit na nasa ibabaw ng kanilang mga ulo: pagka sila'y tumatayo kanilang ibinababa ang kanilang mga

pakpak. 26 At sa itaas ng langit na nasa itaas ng kanilang mga ulo ay may kawangis ng isang luklukan na gaya ng hichura ng batong zafiro: at sa ibabaw ng kawangis ng luklukan ay may kawangis na gaya ng hichura ng isang tawo sa itaas noon. 27 At ako'y nakakita ng gaya ng kulay ng ambar, na gaya ng hichura ng apoy sa loob noon, na nakikita mula sa kaniyang mga balakang na paitaas; at mula sa kaniyang mga balakang na paibaba ay ako'y nakakita ng gaya ng hichura ng apoy, at may kinang sa palibot noon. 28 Kung paano ang hichura ng bahag na nasa alapaap sa kaarawan ng ulan, gayon ang hichura ng kinang sa palibot. Ito ang hichura ng pagkawangis ng kalualhatian ng PANGINOON. At ng aking makita, ako'y nasubasob, at aking narinig ang voces ng isang nagsasalita.

2 At sinabi niya sa aking: Anak ng tawo, tumayo ka ng iyong mga paa, at ako'y makikipagsalitaan sa iyo. 2 At ang espiritu ay nasok sa akin ng siya'y magsalita sa akin, at inilagay ako ng aking mga paa; at aking narinig siya na nagsasalita sa akin. 3 At kaniyang sinabi sa aking: Anak ng tawo, sinusugo kita sa mga anak ng Israel, sa mga nacion na mapanghimagsik, na nanghimagsik laban sa akin: sila at ang kanilang mga magulang ay sumalangsang laban sa akin, hangang sa kaaraw-arawang ito nga. 4 At ang mga anak ay matigas ang ulo at matigas ang loob; sinusugo kita sa kanila: at iyong sasabihin sa kanilang: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios. 5 At sila, maging kanilang pakikingan, o maging kanilang itatakuil, (sapagka't sila'y mapanghimagsik na bahay,) gayon ma'y matatalastast na nagkaroon ng profeta sa gitna nila. 6 At ikaw, anak ng tawo, huag matakot sa kanila, o matakot man sa kanilang mga salita, baga man maging mga dawag at mga tinik na kasama mo, at ikaw ay tumatahan sa gitna ng mga alagdan: huag kang matakot sa kanilang mga salita, o mang-lupaypay man sa kanilang mga tingin, baga man sila'y mapanghimagsik na bahay. 7 At iyong sasalitan ang aking mga salita sa kanila, maging kanilang didingin, o maging kanilang itatakuil; sapagka't sila'y totooong mapanghimagsik. 8 Ngunit ikaw, anak ng tawo, dingin mo kung ano ang sinasabi ko sa iyo; huag kang mapanghimagsik na gaya niyaong mapanghimagsik na

bahay; ibuka mo ang iyong bibig, at iyong kanin ang ibinibigay ko sa iyo. **9** At ng ako'y tumingin, narito, isang kamay ay unat sa akin; at, narito, isang ikid na libro ay nandoon; **10** at ikinadkad niya sa harap ko; at nasusulatan sa loob at sa labas: at may nakasulat doon na mga taghoy, at panangis, at mga sa aba.

**3** At sinabi niya sa aking: Anak ng tawo, kanin mo ang iyong nasusumpungan; kanin mo ang ikid na ito, at ikaw ay yumaon, magsalita ka sa bahay ng Israel. **2** Sa gayo'y ibinuka ko ang aking bibig, at ipinakain niya sa akin ang ikid. **3** At sinabi niya sa aking: Anak ng tawo, pakainin mo ang iyong tiyan, at busugin mo ang iyong loob ng ikid na ito na aking ibinibigay sa iyo. Ng magkagayo'y kinain ko, at sa aking bibig ay naging parang pulot sa katamis-an.

**4** At sinabi niya sa aking: Anak ng tawo, yumaon ka, paroon ka sa bahay ng Israel, at magsalita ka ng aking mga salita sa kanila. **5** Sapagka't ikaw ay hindi sinugo sa isang bayan na may ibang wika at may mahirap na salita, kungdi sa bahay ng Israel; **6** hindi sa maraming bayan na may ibang wika at may mahirap na salita, na ang mga salita ay hindi mo matatalastas. Tunay na kung sinugo kita sa mga yaon, didingin ka ng mga yaon. **7** Nguni't hindi ka didingin ng bahay ng Israel; sapagka't hindi nila ako didingin: sapagka't ang boong bahay ng Israel ay may matigas na noo, at may matigas na puso. **8** Narito, aking pinatigas ang iyong mukha laban sa kanilang mga mukha, at pinatigas ko ang iyong noo laban sa kanilang mga noo. **9** Ginawa kong gaya ng isang diamante na lalong matigas kay sa kiskisang bato ang iyong noo: huag mo silang katakutan, o manglupaypay man sa kanilang tingin, baga man sila'y mapanghimagsik na bahay. **10** Bukod dito'y sinabi niya sa aking: Anak ng tawo, lahat ng aking salita na aking sasalitain sa iyo ay tangapin mo sa iyong puso, at dingin mo ng iyong mga pakinig. **11** At ikaw ay yumaon, pumaroon ka sa mga bihag, na mga anak ng iyong bayan at magsalita ka sa kanila, at saysayin mo sa kanilang: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios; maging kanilang didingin, o maging kanilang itatakuil.

**12** Ng magkagayo'y itinaas ako ng

espiritu, at aking narinig sa likuran ko ang voces ng malaking ingay na nagsabing: Purihin ang kaluathatian ng PANGINOON mula sa kaniyang lugar. **13** At aking narinig ang pagaspas ng mga pakpak ng mga nilikhang may buhay na nagkakatamaan, at ang hugong ng mga gulong sa siping nila, ang ingay ng malaking hagbis. **14** Sa gayo'y itinaas ako ng espiritu, at ako'y dinala: at ako'y yumaong may kapaitan, sa init ng aking espiritu, at ang kamay ng PANGINOON ay malakas sa akin. **15** Ng magkagayo'y ako'y naparoon sa mga bihag sa Tel-abib, na tumatahan sa siping ng ilog Kebar, at sa kanilang kinatatahanan; at ako'y umupo roong natitigilan sa gitna nila na pitong araw.

**16** At nangyari, sa katapusan ng pitong araw, na ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **17** Anak ng tawo, ginawa kitang bantay sa bahay ng Israel: Kaya't dingin mo ang salita sa aking bibig, at hihikayat sa kanila sa ganang akin. **18** Pagka aking sinabi sa masama: Ikaw ay walang pagsalang mamamatay; at hindi mo hinihikayat siya, o nagsasalita ka man upang hikayatin ang masama mula sa kaniyang masamang lakad, upang iligtas ang kaniyang buhay; ang gayong masamang tawo ay mamamatay sa kaniyang kasam-an; nguni't ang kaniyang dugo ay aking hihingin sa iyong kamay. **19** Gayon ma'y kung iyong hikayatin ang masama, at siya'y hindi humiwalay sa kaniyang kasam-an, o sa kaniyang masamang lakad man, siya'y mamamatay sa kaniyang kasam-an; nguni't iyong iniligtas ang iyong kalulua. **20** Muli, pagka ang isang banal ay lumiliko sa kaniyang kabanalan, at nagkakamit ng kasam-an, at ako'y naglalagay ng katitiran sa harap niya, siya'y mamamatay; sapagka't hindi mo siya hinikayat, siya'y mamamatay sa kaniyang kasalanan, at ang kaniyang mga kabanalang gawa na kaniyang ginawa ay hindi zaalalahanin; nguni't ang kaniyang dugo ay aking hihingin sa iyong kamay. **21** Gayon ma'y kung iyong hikayatin ang banal, upang ang banal ay huag magkasala, at siya'y hindi nagkakasala, siya'y walang pagsalang mabubuhay, sapagka't siya'y nahikayat; at iyong iniligtas ang iyong kalulua.

**22** At ang kamay ng PANGINOON ay dumoon sa akin; at siya'y nagsabi sa



aking: Ikaw ay bumangon, lumabas ka sa kapatagan, at doo'y makikipag-usap ako sa iyo. **23** Ng magkagayo'y bumangon ako, at ako'y lumabas sa kapatagan: at, narito, ang kaulalhatian ng PANGINOON ay tumayo roon, na gaya ng kaulalhatian na aking nakita sa tabi ng ilog Kebar; at ako'y napasubasob. **24** Ng magkagayo'y nasok sa akin ang espiritu, at itinayo ako ng aking mga paa; at siya'y nakipagsalitaan sa akin, at nagsabi sa aking: Ikaw ay yumaon, magsara ka sa iyong sarili sa loob ng iyong bahay. **25** Nguni't ikaw, anak ng tawo, narito, sila'y maglalagay ng mga tali sa iyo, at mga itatali sa iyo, at ikaw ay hindi lalabas sa gitna nila: **26** at aking ididikit ang iyong dila sa ngalanala ng iyong bibig, upang ikaw ay maging pipi, at huag maging sa kanila'y mananaway: sapagka't sila'y mapanghimagsik na bahay. **27** Nguni't pagka ako'y nakikipagsalitaan sa iyo, aking ibubuka ang iyong bibig, at iyong sasabihin sa kanilang: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Ang nakikinig ay makinig; ang nagtatakuil ay magtakuil: sapagka't sila'y mapanghimagsik na bahay.

**4** Ikaw naman, anak ng tawo kumuha ka ng isang losa at ilagay mo sa harap mo, at guhitan mo sa ibabaw ng isang ciudad, ng Jerusalem: **2** at kulungin mo, at magtayo ka ng mga katibayan laban doon, at maglagay ka ng bunton laban doon; lagyan mo rin ng mga kamento laban doon, at tayuan mo ng mga pangsira laban doon sa palibot. **3** At magdala ka ng kawaling bakal, at ilagay mo na pinakakutang bakal sa pagitan mo at ng ciudad: at iharap mo ang iyong mukha sa dako noon, at makukulung, at iyong kukulungin. Ito ang magiging tanda sa bahay ng Israel.

**4** Bukod dito'y mahiga ka sa iyong tagilirang kaliwa, at ilagay mo ang kasam-an ng bahay ng Israel doon: ayon sa bilang ng mga araw na iyong ihihiga doon, iyong dadalhin ang kanilang kasam-an. **5** Sapagka't aking itinakda ang mga taon ng kanilang kasam-an upang maging sa iyo'y isang bilang ng mga araw, tatlong daan at siam na puong araw: gayon mo dadalhin ang kasam-an ng bahay ng Israel. **6** At muli, pagka iyong natapos ang mga ito, ikaw ay hihiga sa iyong tagilirang kanan, at iyong dadalhin ang kasam-an ng bahay ng Juda: apat na puong araw, baw't araw ay pinaka isang taon,

aking itinakda sa iyo. **7** At iyong iharap ang iyong mukha sa nakukulung na Jerusalem na may lilis kang mangas; at ikaw ay manghuhula laban doon. **8** At, narito, ako'y naglalagay ng tali sa iyo, at ikaw ay hindi magpapalikoliko mula sa isang dako hangang sa kabila, hangang sa matupad mo ang mga araw ng iyong pagkulong. **9** Magdala ka rin ng trigo, at ng cebada, at ng habas, at ng lentejas, at ng mijo, at ng espelta, at mga ilagay mo sa isang sisidlan, at gawin mong tinapay; ayon sa bilang ng mga araw na iyong ihihiga sa iyong tagilirang, tatlong daan at siam na puong araw, iyong kakanin yaon. **10** At ang iyong pagkain na iyong kakanin ay magiging ayon sa timbang, dalawang puong siklo isang araw: tuituina iyong kakanin. **11** At ikaw ay iinom ng tubig ayon sa takal, na ikaanim na bahagi ng isang hin: tuituina ay iyong iinom. **12** At iyong kakaning parang mga mamong cebada, at iyong titinapayin sa kanilang paningin na dumi na nangagaling sa tawo ang gatong. **13** At sinabi ng PANGINOON: Ganito ka kakanin ng mga anak ng Israel ang kanilang maruming tinapay, sa gitna ng mga nacion na aking pagtatabuyan sa kanila. **14** Ng magkagayo'y sinabi kong: ¡Ah Panginoong Dios! narito, ang aking kalulusa ay hindi nahawa: sapagka't mula sa aking kabinataan hangang ngayon ay hindi kumain ako ng namamatay sa kaniyang sarili, o nilapa ng mga hayop; o nasok man ang kasuklamsuklam na laman sa aking bibig. **15** Ng magkagayo'y sinabi niya sa aking: Tingnan mo, ibinigay ko sa iyo'y dumi ng baka sa lugar ng dumi ng tawo, at iyong ihahanda ang iyong tinapay sa ibabaw noon. **16** Bukod dito'y sinabi niya sa aking: Anak ng tawo, narito, aking babaliin ang tungkod ng tinapay sa Jerusalem: at sila'y kakanin ng tinapay ayon sa timbang, at may kasabikan; at iinom sila ng tubig ayon sa takal, at may pagkatigil: **17** upang sila'y magkailangan ng tinapay at tubig, at mangatigilang isa't isa, at mangaulata sa kanilang kasam-an. **5** At ikaw, anak ng tawo, magdala ka ng matalas na tabak, na gaya ng pangahit ng mangugupit ang iyong dadalhin, at iyong pararaanin sa iyong ulo at sa iyong balbas: kung magkagayo'y kumuha ka ng timbangang panimbang, at bahagihin mo ang buhok. **2** Ang ikatlong bahagi ay iyong susunugin sa apoy sa gitna ng ciudad, pagka ang mga araw ng pag-

kulong ay natupad; at iyong kukunin ang ikatlong bahagi, at sugatan mo ng tabak sa palibot; at ang ikatlong bahagi ay iyong pangangalatin sa hangin, at ako'y magdadala ng tabak sa likuran nila. 3 At kukuha ka sa kanila ng kaunti sa bilang, at mga itali mo sa iyong mga balabal. 4 At sa mga ito'y kukuha ka uli, at mga ibahagis mo sa gitna ng apoy, at mga sunugin mo sa apoy; mula roo'y lalabas ang apoy; sa boong bahay ng Israel.

5 Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Ito ay Jerusalem: Inilagay ko siya sa gitna ng mga nasyon, at mga lupain ay nasa palibot niya. 6 At siya'y nanghimagsik laban sa aking mga kahalutalan sa paggawa ng kasam-an na higit kay sa mga nasyon, at laban sa aking mga palatuntunan na higit kay sa mga lupain na nasa palibot niya: sapagka't kanilang itinakuil ang aking mga kahalutalan, at tungkol sa aking mga palatuntunan, hindi nila mga nilakaran. 7 Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sapagka't kayo'y mangugulo na higit kay sa mga nasyon na nasa palibot niyo, at hindi lumakad sa aking mga palatuntunan, o iningatan man ang aking mga kahalutalan, o gumawa man ng ayon sa mga ayos sa mga nasyon na nasa palibot niyo; 8 kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, ako, ako ay laban sa iyo; at ako'y gagawa ng mga kahalutalan sa gitna mo sa paningin ng mga nasyon. 9 At aking gagawin sa iyo ang hindi ko ginawa, at hindi ko na gagawin pa ang kaparis, dahil sa iyong lahat na kasuklamsuklam. 10 Kaya't kakanin ng mga magulang ang mga anak sa gitna mo, at kakanin ng mga anak ang kanilang mga magulang; at ako'y gagawa ng mga kahalutalan sa iyo, at ang boong nalabi sa iyo ay aking pangangalatin sa lahat ng lugar. 11 Kaya't buhay ako, sabi ng Panginoong Dios, walang pagsala, na sa paraang iyong inihawa ang aking santuario ng lahat mong kasuklamsuklam na mga bagay, at ng lahat mong karumaldumal, kaya't akin namang babawasan kita; at hindi magpapatawad ang aking mga mata, at ako nama'y hindi manghihinayang. 12 Ang ikatlong bahagi mo ay manamatay sa pamamagitan ng salot, at sa pamamagitan ng kagutom ay mauubos sila sa gitna mo; at ang isang ikatlong bahagi ay mabubual sa pamamagitan ng tabak sa palibot mo; at ang ikatlong bahagi ay aking pang-

ngalatin sa lahat ng mga hangin, at baha-wak ako ng tabak sa pagsunod sa kanila. 13 Ganito matutupad ang aking galit, at aking lulubusin ang aking pag-aalab ng loob sa kanila, at ako'y maaaliw: at kanilang malalaman na akong PANGINOON ay nagsalita sa aking pagsisikap, pagka aking naganap ang aking pag-iinit sa kanila. 14 Bukod dito'y gagawin kitang kagibaan at kapulaan, sa gitna ng mga nasyon na nasa palibot mo, sa paningin ng lahat na dumadaan. 15 Sa gayo'y magiging kapulaan at katungayawan, turo at katigilan, sa mga nasyon na nasa palibot mo, pagka ako'y gagawa ng mga kahalutalan sa iyo sa galit at sa pag-aalab ng loob, at sa mababagsik na pagsaway: Akong PANGINOON ang nagsalita: 16 pagka ako'y magsusugo sa kanila ng mga masamang pana ng kagutom na para sa kagibaan, na siyang aking susulugin upang gibain kayo, at aking palalalain ang kagutom sa inyo, at aking babaliin ang inyong tungkod ng tinapay; 17 at ako'y magsusugo sa inyo ng kagutom at mga masamang hayop, at kanilang aalisin ka ng anak; at salot at dugo ay daraan sa iyo; at aking dadalhin ang tabak sa iyo: Ako ang PANGINOON na nagsalita.

6 At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: 2 Anak ng tawo, ititig mo ang iyong mukha sa mga bundok ng Israel, at ikaw ay manghula sa kanila, at magsabing: 3 Kayong mga bundok ng Israel, makinig ng salita ng Panginoong Dios: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios sa mga bundok at sa mga burol, sa mga lagaslas at sa mga libis: Narito, ako, ako, magdadala ng tabak sa inyo, at aking gigibain ang inyong mga mataas na lugar. 4 At ang inyong mga altar ay magiging giba, at ang inyong mga larawang araw ay mababag: at aking ibubulagta ang inyong mga patay na tawo sa harap ng inyong mga idolo. 5 At aking ilalapag ang mga bangkay ng mga anak ng Israel sa harap ng kanilang mga idolo; at aking ikakalat ang inyong mga buto sa palibot ng inyong mga altar. 6 Sa lahat ng inyong mga tahanang lugar ay mawawasak ang mga ciudad, at ang mga mataas na lugar ay magigiba; upang ang inyong mga altar ay mawasak at magiba, at ang inyong mga idolo ay mabasag at tumigil, at ang inyong mga larawang araw ay mangabagsak, at ang inyong mga gawa ay matakuil. 7 At ang patay ay

mabubual sa gitna ninyo, at inyong makikilala na ako ang PANGINOON. 8 Gayon ma'y mag-iwan ako ng labi, upang magtamo kayo ng ilan na nakataan sa tabak sa gitna ng mga nasyon; pagkayo'y mangangalat sa mga lupain. 9 At silang mga nakataan sa inyo ay aalalahanin ako sa gitna ng mga nasyon na pagdadalhan sa kanilang bihag, kung paanong ako'y nakipagkasira sa kanilang mapang-apid na puso na humiwalay sa akin, at sa kanilang mga mata, na yumangong nang-apid sa kanilang mga idolo: at sila'y magiging kasuklamsuklam sa kanilang sariling paningin dahil sa mga kasam-an ng kanilang nakamit sa lahat nilang kasuklamsuklam. 10 At kanilang makikilala na ako ang PANGINOON: hindi ako nagsalita ng walang kabuluhan na aking gagawin ang kasam-ang ito sa kanila.

11 Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sugatan mo ng iyong kamay, at sikaran mo ng iyong paa, at iyong sabihing: ¡Sa aba mila! dahil sa lahat na masamang mga kasuklamsuklam ng bahay ng Israel: sapagka't sila'y mabubual sa pamamagitan ng tabak, ng kagutom at ng salot. 12 Ang malayo ay mamamatay sa salot; at ang malapit ay mabubual sa pamamagitan ng tabak; at ang malabi at makulong ay mamamatay sa pamamagitan ng kagutom: ganito ko tutuparin ang aking pag-aalab ng loob sa kanila. 13 At inyong makikilala na ako ang PANGINOON, pagka ang kanilang mga patay na tawo ay malalagay sa gitna ng kanilang mga idolo sa palibot ng kanilang mga altar, sa ibabaw ng baw't mataas na burol, sa lahat na taluktok ng mga bundok, at sa ilalim ng baw't sariwang puno ng kahoy, at sa ilalim ng baw't mayabong na encina, na kanilang pinaghandugan ng masarap na apoy sa lahat ng kanilang idolo. 14 At aking iuunat ang kamay ko laban sa kanila, at gagawin kong ang lupa'y wasak at giba, mula sa ilang hangang sa Diblah, sa lahat nilang tahanan: at kanilang makikilala na ako ang PANGINOON.

7 Bukod dito'y ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: 2 At ikaw, anak ng tawo, ganito ang sabi ng Panginoong Dios sa lupain ng Israel: ¡May wakas! ang wakas ay dumating sa apat na sulok ng lupa. 3 Ang kawakasan nga ay sumasa iyo, at aking susuguin ang aking galit sa iyo, at hahatulan ka ayon sa iyong mga lakad;

at aking dadalhin sa iyo ang lahat ng iyong kasuklamsuklam. 4 At ang aking mata'y hindi magpapatawad sa iyo, o magkakaroon man ako ng hinayang: kungdi aking dadalhin ang iyong mga lakad sa iyo, at ang iyong mga kasuklamsuklam ay malalagay sa gitna mo; at inyong makikilala na ako ang PANGINOON.

5 Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Isang kasam-an, isang tanging kasam-an; narito, dumarating. 6 Isang kawakasan ay dumarating, ang kawakasan ay dumarating, gumigising laban sa iyo; narito, dumarating. 7 Ang iyong parusa ay dumarating sa iyo, Oh mananahan sa lupain: ang panahon ay dumating, ang araw ay malapit na; araw ng pagkakagulo, at hindi ng kagalakang may sutsutan, sa ibabaw ng mga bundok. 8 Bigla ngaug aking ibubuhos ang aking pag-aalab ng loob sa iyo, at aking tutuparin ang aking galit laban sa iyo, at hahatulan kita ayon sa iyong mga lakad; at dadalhin ko sa iyo ang lahat ng iyong kasuklamsuklam. 9 At ang aking mata ay hindi magpapatawad, o manghihinayang ako man: gagantihin kita ng ayon sa iyong mga lakad, at ang iyong mga kasuklamsuklam ay malalagay sa gitna mo; at inyong makikilala na ako ang PANGINOON na sumusugat. 10 Narito, ang araw narito, dumarating; ang iyong parusa ay lumabas; ang tungkod ay namulaklak, ang kapalaluan ay namuko. 11 Pangdadahas ay bumangon sa tungkod ng kasam-an; walang malalabi sa kanila, o sa kanilang karamihan man, o sa kanilang kayamanan man: at hindi magkakaroon ng kahit karangalan sa kanila. 12 Ang panahon ay dumating, ang araw ay lumalabit: huag magalak ang mamimili, o tumangis man ang manininda: sapagka't ang pag-iinit ay nasa lahat ng karamihan noon. 13 Sapagka't hindi na pagbabalikan ng manininda ang ipinagbili, baga man sila'y mabuhay: sapagka't ang malikmata ay sumasalang sa boong karamihan noon, walang babalik; at sino man ay hindi magpapakalakas pa sa kasam-an ng kaniyang buhay. 14 Humihip sila ng pakakak, at humanda; nguni't walang naparoroon sa pagbabaka: sapagka't ang aking pag-iinit ay nasa boong karamihan noon. 15 Ang tabak ay nasa labas, at ang salot at ang kagutom ay nasa loob: siyang nasa parang ay mamamatay sa tabak; at siyang nasa ciudad, kagutom at salot ay lalamon sa kaniya. 16 Nguni't silang tumataan

sa mga yaon ay makatataanan, at malalagay sa mga bundok, na gaya ng mga kalapati sa mga libis, silang lahat ay tumatangis, baw't isa'y sa kaniyang kasam-an. **17** Lahat ng kamay ay magiging mahina, at lahat ng tuhod ay magiging malata na parang tubig. **18** Sila'y magbibigkis naman ng kayong magaspang, at pangigilabot ay tatakip sa kanila; at kahihyan ay sasa lahat ng mukha, at pagkabalbo sa lahat na kanilang ulo. **19** Kanilang ihabagis ang kanilang pilak sa mga lansangan, at ang kanilang ginto ay magiging parang isang maruming bagay; ang kanilang pilak at ang kanilang ginto ay hindi makapagligligtas sa kanila sa kaarawan ng pag-linit ng PANGINOON; hindi nila mabubusog ang kanilang kalulua, o mabubusog man ang kanilang mga tiyan: sapagka't naging katitisuran ng kanilang kasaman-an. **20** Tungkol sa ganda ng kaniyang gayak, inilagay niya sa kamahalan; ngunit kanilang ipinaggawa ng mga laraman ng kanilang mga kasuklamsuklam at karumaldumal na mga bagay: kaya't ginawa ko sa kanila na parang maruming bagay. **21** At aking ibibigay sa mga kamay ng mga taga ibang lupa na pinakahuli, at sa mga masama sa lupa na pinakasamsam; at kanilang dudumhan. **22** Ang aking mukha ay aking itatalikod naman sa kanila, at kanilang dudumhan ang aking lihim na lugar: at mga magnanakaw ay papasok doon at dudumhan. **23** Gumawa ka ng tanikala: sapagka't ang lupain ay puno ng mga sala sa dugo, at ang ciudad ay puno ng pangdadahas. **24** Kaya't aking dadalhin ang mga pinakamasama sa mga walang Dios, at sariin nila ang kanilang mga bahay: akin namang patitigilin ang kapalaluan ng malakas; at ang kanilang mga santong lugar ay madudumhan. **25** Kagiba'y dumarating: at sila'y hahanap ng kapayapaan, at doo'y mawawalan. **26** Kapanlawan at kapanlawan ang darating, at kaingay at kaingay ay darating; at sila'y hahanap ng malikmata ng profeta; ngunit ang kautusa'y mawawala sa sacerdote, at ang payo'y sa mga matanda. **27** Ang hari ay tatangis, at ang pangulo ay mananamit ng kagibaan, at ang mga kamay ng bayan ng lupain ay mababagabag: aking gagawin sa kanila ang ayon sa kanilang lakad, at ayon sa kanilang kaugalin ay hahatulan ko sila; at kanilang makikilala na ako ang PANGINOON.

**8** At nangyari, ng ikaanim na taon, sa ikaanim na buan, sa ikalima ng buan, ako'y nakaupo sa aking bahay, at ang mga matanda sa Juda ay nakaupo sa harap ko, na ang kamay ng Panginoong Dios ay nahulog sa akin doon. **2** Ng magkagayo'y tumingin ako, at, narito, isang kawan'gis ng hichura ng apoy; mula sa hichura ng kaniyang mga balakang at paibaba, ay apoy: at mula sa kaniyang mga balakang at paitaas, gaya ng hichura ng kinang, na gaya ng kulay ng ambar. **3** At kaniyang inilabas ang hichura ng isang kamay, at hinawakan ako sa isang pusod ng aking ulo; at itinaas ako ng espiritu sa pag-itan ng lupa at ng langit, at dinala ako sa malikmata sa Dios sa Jerusalem, sa pintuan ng pintuang-daan ng lalong loob ng looban na naka harap sa dakong hilagaan; na kinaroroonan ng upuan ng larawan ng panibugho na namumungkahi sa panibugho. **4** At, narito, ang kalualhatian ng Dios ng Israel ay naudoon, gaya ng hichura ng aking nakita sa kapatagan. **5** Ng magkagayo'y sinabi niya sa aking: Anak ng tawo, itingin mo ang iyong mga matu ngayon sa daan na dakong hilagaan. Sa gayo'y itiningin ko ang aking mga mata sa daan na dakong hilagaan, at narito, sa dakong hilagaan ng pintuang-daan ng altar ang larawang ito ng panibugho sa pasukan. **6** At sinabi niya sa aking: Anak ng tawo; nakikita mo ba ang kanilang ginagawa? (ang malaking kasuklamsuklam na nakamit ng bahay ng Israel dito, upang ako'y lumayo sa aking santuario? ngunit iyo uling makikita pa ang ibang mga malaking kasuklamsuklam. **7** At dinala niya ako sa pintuan ng looban; at ng ako'y tumingin, narito, ang isang butas sa pader. **8** Ng magkagayo'y sinabi niya sa aking: Anak ng tawo, humukay ka ngayon sa pader: at ng ako'y humukay sa pader, narito, ang isang pintuan. **9** At sinabi niya sa aking: Ikaw ay pumasok, at tiugnan mo ang mga masamang kasuklamsuklam na kanilang ginagawa rito. **10** Sa gayo'y ako'y nasok at nakita ko; at, narito, ang lahat na hichura ng mga umuusad na mga bagay, at kasuklamsuklam na mga hayop, at lahat ng mga idolo ng bahay ng Israel, na nakaguhit sa pader sa palibot. **11** At tumayo sa harap nila ang pitong puong lalaki sa mga matanda ng bahay ng Israel, at sa gitna nila ay tumayo si Jaazaniah na anak ni Sapan, na baw't

lalaki may kaniyang pangsuob sa kaniyang kamay; at ang amoy ng usok ng pangsuob ay napailanglang. **12** Ng magkagayo'y sinabi niya sa aking: Anak ng tawo, nakikita mo sa kung anong ginagawa ng mga matanda ng bahay ng Israel sa kadiliman, bawa't isa'y sa kaniyang mga silid na nilarawanan? sapagka't kanilang sinasabing: Hindi tayo nakikita ng PANGINOON; pinabayaan ng PANGINOON ang lupa. **13** Sinabi rin niya sa aking: Iyo uling makikita pa ang mga ibang malaking kasuklamsuklam na kanilang ginagawa. **14** Ng magkagayo'y dinala niya ako sa pintuan ng pintuang-daan ng bahay ng PANGINOON na nasa dakong hilagaan; at, narito, doo'y umupo ang mga babaye na iniyakan ang Tamuz. **15** Ng magkagayo'y sinabi niya sa aking: Nakita mo ba ito, Oh anak ng tawo? iyo pa uling makikita ang lalong malaking mga kasuklamsuklam kay sa mga ito. **16** At dinala niya ako sa pinakalob na looban ng bahay ng PANGINOON, at, narito, sa pintuan ng templo ng PANGINOON, sa pag-itan ng malaking pintuan at ng altar, may mga dalawang puot limang lalaki, na ang kanilang mga likod ay sa dako ng templo ng PANGINOON, at ang kanilang mga mukha ay sa dakong silanganan; at kanilang sinasamba ang araw sa dakong silanganan. **17** Ng magkagayo'y sinabi niya sa aking: Nakita mo ba ito, Oh anak ng tawo? Magaan bang bagay sa bahay ng Juda, na sila'y nagkakamit ng mga kasuklamsuklam na kanilang kinakamit dito? sapagka't kanilang pinuno ang lupa ng karahasan, at sila'y nagbalik uli na mungkahihin ako sa galit: at, narito, kanilang inilalagay ang sanga sa kanilang ilong. **18** Kaya't akin namang gagawin sa pag-aalab ng loob: ang aking mata ay hindi magpapatawad o mahahabag man ako: at baga man sila'y dumadaing sa aking mga pakinig ng malakas na voces, gayon ma'y hindi ko didingin sila.

**9** Ng magkagayo'y sumigaw siya sa aking mga pakinig ng malakas na voces, na nagsabing: Magsilapit kayo na may katungkulan sa ciudad, na bawa't isa'y may kaniyang pangibang sakbat sa kaniyang kamay. **2** At, narito, anim na lalaki ay nangaling sa daan ng mataas na pintuang-daan, na nalalagay sa dako ng hilagaan, na bawa'y isa'y may kaniyang pangpatay na sakbat sa kaniyang kamay;

at isang lalaki ay nasa gitna nila na nakapanamit ng kayong puti, na may tintero ng manunulat sa kaniyang tagiliran. At sila'y nasok, at tumayo sa siping ng tansong altar. **3** At ang kaulalhatian ng Dios ng Israel ay sumampa mula sa kerubin, na kinapapatungan, hangang sa tungtungan sa bahay: at kaniyang tinawag ang lalaking nakapanamit ng kayong puti, na may tintero ng manunulat sa kaniyang tagiliran. **4** At sinabi ng PANGINOON sa kaniyang: Ikaw ay pumaroon sa gitna ng ciudad, sa gitna ng Jerusalem, at maglagay ka ng mga tanda sa mga noo ng mga lalaki na nagbubuntong hininga at dumadaing dahil sa lahat na kasuklamsuklam na nagawa sa gitna noon. **5** At sa mga iba ay sinabi niya sa aking pakinig: Kayo'y pumaroon sa ciudad na sumunod sa kaniya, at kayo'y sumugat: huag magpatawad ang inyong mata, o kayo man ay manghinayang: **6** patayin ninyong lubos ang matanda, ang binata at ang dalaga, at ang mga bata at ang mga babaye: nguni't huag lumapit ang sino mang lalaki doon sa tinandaan; at inyong pasimulan sa aking santuario. Ng magkagayo'y kanilang pinasimulan sa mga matandang lalaki na nangasa harap ng bahay. **7** At sinabi niya sa kanilang: Ihawa ninyo ang bahay at punuin ninyo ang mga looban ng patay: kayo'y lumabas. At sila'y lumabas, at sumugat sa ciudad. **8** At nangyari, habang sila'y sumusugat, at ako'y naiwan, na ako'y nasubasob, at humiyaw, at aking sinabing: Ah Panginoong Dios! iyo bang gigibain ang boong nalabi sa Israel, sa iyong pagbubuhos ng iyong pag-aalab ng loob sa Jerusalem? **9** Ng magkagayo'y sinabi niya sa aking: Ang kasam-an ng bahay ng Israel at ng Juda ay totoong malaki, at ang lupain ay puno ng dugo, at ang ciudad ay puno ng kasam-an: sapagka't kanilang sinasabing: Pinabayaan ng PANGINOON ang lupa, at hindi nakikita ng PANGINOON. **10** At tungkol sa akin naman, ang aking mata ay hindi magpapatawad, o mahihinayang man ako, kungdi aking dadalhin ang kanilang lakad sa kanilang ulo. **11** At, narito, ang lalaking nakapanamit ng kayong puti, na may tintero ng manunulat sa kaniyang tagiliran, naghatid ng bagay, na nagsabing: Aking ginawa na gaya ng iniutos mo sa akin.

**10** Ng magkagayo'y tumingin ako, at, narito, na nasa langit na nasa ulo

ng mga kerubin, ay nakita sa ibabaw nila ang gaya ng isang batong zafiro, na gaya ng hichura ng wangis ng isang luklukan. **2** At siya'y nagsalita sa lalaki na nakapanamit ng kayong puti, at nagsabing: Pumasok ka sa pag-itan ng mga umiikot na mga gulong, sa ilalim ng kerubin, at punuin mo kapua ang iyong mga kamay ng mga bagang apoy mula sa pag-itan ng mga kerubin, at mga ikalat mo sa ciudad. At siya'y nasok na nakikita ko. **3** Ang mga kerubin nga ay tumayo sa dakong kanan ng bahay, ng ang lalaki ay masok; at pinuno ng alapaap ang pinakaloob na looban. **4** At ang kalualhatian ng PANGINOON ay napailanglang mula sa kerubin, at tumayo sa tayuan ng bahay; at ang bahay ay napuno ng alapaap, at ang looban ay napuno ng kakinangan ng kalualhatian ng PANGINOON. **5** At ang pagaspas ng mga pakpak ng mga kerubin ay narinig hangang sa looban sa labas, na gaya ng voces ng Dios na Makapangyarihan-salahat ng siya'y nagsasalita. **6** At nangyari, ng kaniyang utusan ang lalaki na nakapanamit ng kayong puti, na sabihing: Kumuha ka ng apoy sa loob ng mga umiikot na mga gulong mula sa pag-itan ng mga kerubin, na siya'y nasok, at tumayo sa tabi ng gulong. **7** At iniinat ng kerubin ang kaniyang kamay mula sa gitna ng mga kerubin, sa apoy na nasa gitna ng mga kerubin, at kumuha noon, at inilagay sa mga kamay ng nakapanamit ng kayong puti, na siyang kumuha at lumabas. **8** At lumitaw sa mga kerubin ang hichura ng kamay ng isang tawo sa ilalim ng kanilang mga pakpak. **9** At ako'y tumingin, at, narito, apat na gulong ay nasa tabi ng mga kerubin, isang gulong ay nasa tabi ng isang kerubin: at ang ibang gulong ay sa tabi ng ibang kerubin: at ang hichura ng mga gulong ay gaya ng kulay ng batong berilo. **10** At tungkol sa kanilang hichura, silang apat ay may isang pagkakawangis, na parang ang isang gulong ay nasa loob ng isang gulong. **11** Pagka mga yumayaon, mga yumayaon sa kanilang apat na tagiliran: hindi mga lumiliko habang nagsisiyaon, kungdi ang tinutungo ng nangunguna ay siyang sinusundan nila; hindi mga lumiliko habang nagsisiyaon. **12** At ang kanilang boong katawan, at ang kanilang mga likod, at ang kanilang mga kamay, at ang kanilang mga pakpak, at ang mga gulong, ay puno ng mga mata sa palibot, na makutuid baga'y ang apat na mga gulong

na kanilang tinatankilik. **13** Tungkol sa mga gulong, kanilang tinawang sa aking paking, na mga umiikot na mga gulong. **14** At bawa't isa'y may apat na mukha: ang unang mukha ay mukha ng kerubin, at ang ikalawang mukha ay mukha ng tawo, at ang ikatlo ay mukha ng leon, at ang ikaapat ay mukha ng isang aguila. **15** At ang mga kerubin ay napaitaas: ito ang nilikhang may buhay na aking nakita sa tabi ng ilog Kebar. **16** At ng ang mga kerubin ay yumaon, ang mga gulong ay yumaong kasiping nila: at ng itaas ng mga kerubin ang kanilang mga pakpak upang paitaas mula sa lupa, ang mga gulong naman ay hindi humiwalay sa siping nila. **17** Pagka sila'y tumatayo, ang mga ito ay tumatayo; at pagka sila'y napaitaas, ang mga ito'y napaitaas na kasama nila: sapagka't ang espiritu ng nilikhang may buhay ay nasa kanila. **18** At ang kalualhatian ng PANGINOON ay lumabas mula sa tayuan ng bahay, at lumagay sa ibabaw ng mga kerubin. **19** At itinaas ng mga kerubin ang kanilang mga pakpak, at napaitaas mula sa lupa sa aking paningin ng sila'y lumabas, at ang mga gulong ay sa siping nila: at sila'y tumayo sa pintuan ng silanganang pintuang-daan ng bahay ng PANGINOON; at ang kalualhatian ng Dios ng Israel ay nasa ibabaw nila. **20** Ito ang nilikhang may buhay na aking nakita sa ilalim ng Dios ng Israel sa tabi ng ilog Kebar; at nakikilala ko na sila'y mga kerubin. **21** Bawa't isa'y may apat na mukha, at bawa't isa'y may apat na pakpak; at ang pagkawangis ng mga kamay ng tawo ay nasa ilalim ng kanilang mga pakpak. **22** At tungkol sa wangis ng kanilang mga mukha, ay mga mukha na aking nakita sa tabi ng ilog Kebar, ang kanilang mga hichura at sila rin; sila'y yumaon bawa't isa ng matuid na patuloy.

**11** Bukod dito'y itinaas ako ng espiritu, at dinala ako sa silanganang pintuang-daan ng bahay ng PANGINOON, na nakaharap sa dakong silanganan: at, narito, sa pintuan ng pintuang-daan ang dalawang puot limang lalaki; at nakita ko sa gitna nila si Jaazaniah na anak ni Azur, at si Pelatias na anak ni Benaia, na mga pangulo ng bayan. **2** At sinabi niya sa aking: Anak ng tawo, ito ang mga lalaki na kumakatha ng kasaman, at nagbibigay ng masamang payo sa ciudad na ito. **3** na nagsasabing: Hindi

malapit ang panahon ng pagtatayo ng mga bahay: ang ciudad na ito ang paliok, at tayo ang laman. **4** Kaya't manghula ka laban sa kanila, manghula ka, Oh anak ng tawo. **5** At ang espiritu ng PANGINOON ay nahulog sa akin, at sinabi niya sa aking: Salitain mong: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Ganito ang inyong sinabi, Oh bahay ng Israel; sapagka't nalalaman ko ang mga bagay na nasok sa inyong pag-lisip. **6** Inyong pinarami ang inyong pinatay sa ciudad na ito, at inyong pinuno ang mga langan ng niya ng mga napatay. **7** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Ang inyong upatay na inyong ibinulagta sa gitna noon, mga laman, at ang ciudad na ito ay siyang paliok: nguni't kayo'y ilalabas sa gitna noon. **8** Kayo'y natakot sa tabak; at aking dadalhin ang tabak sa inyo, sabi ng Panginoong Dios, **9** At aking ilalabas kayo sa gitna noon, at ibibigay ko kayo sa mga kamay ng mga taga ibang lupa, at gagawa ako ng mga kahatulan sa inyo. **10** Kayo'y mabubul sa pamamagitan ng tabak; aking habatulan kayo sa hanganan ng Israel; at inyong makikilala na ako ang PANGINOON. **11** Ang ciudad na ito ay hindi magiging inyong paliok, o kayo man ay magiging laman sa gitna nito; aking hahatulan kayo sa hanganan ng Israel; **12** at inyong makikilala na ako ang PANGINOON: sapagka't kayo'y hindi lumakad sa aking mga palatuntunan, o inyo mang ginawa ang aking mga kahatulan, kungdi kayo'y gumawa ng ayon sa mga kaugalian ng mga nacion na nasa palibot ninyo. **13** At nangyari, ng ako'y nanghuhula, na si Pelatias na anak ni Benaia ay namatay. Ng magkagayo'y nasubasob ako, at ako'y sumigaw ng malakas na voces, at nagsabing: ¡Ah Panginoong Dios! gagawa ka ba ng lubos na wakas sa nalabi sa Israel?

**14** At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **15** Anak ng tawo, ang inyong mga kapatid, ang inyong mga kapatid, na mga lalaki sa inyong kamag-anakan, at ang boong bahay ng Israel, silang labat, siyang mga pinagsabihan ng mga mananahan sa Jerusalem: Lumayo kayo sa PANGINOON; sa anin ay ibinigay ang lupaing ito na pinakaari: **16** kaya't iyong sabihing: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Baga man sila'y aking inilayo sa gitna ng mga nacion, at baga man aking pinangalat sila sa gitna ng mga lupain, gayon ma'y

lagay ako sa kanilang isang santuario sa sandaling panahon sa mga lupain na kanilang kapaparunan. **17** Kaya't iyong sabihing: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Aking pipisanin kayo mula sa mga bayan, at titipunin ko kayo sa mga lupain na inyong kinapangalatan, at aking ibibigay sa inyo ang lupain ng Israel. **18** At sila'y paroroon, at kanilang aalisin ang lahat na karumaldumal na mga bagay noon, at ang lahat na kasuklamsuklam noon, mula noon. **19** At aking bibigyan sila ng isang puso, at aking lagayan ng bagong espiritu ang loob nila; at aking kukunin ang batang puso sa kanilang laman, at aking bibigyan sila ng pusong laman: **20** upang sila'y lumakad sa aking mga palatuntunan, at ingatan ang aking mga kahatulan at mga gawin: at sila'y magiging aking bayan, at ako'y magiging kanilang Dios. **21** Nguni't tungkol sa kanila na ang puso ay lumakad ayon sa kanilang mga karumaldumal na mga bagay, at sa kanilang mga kasuklamsuklam, aking dadalhin ang kanilang lakad sa kanilang sariling mga ulo, sabi ng Panginoong Dios. **22** Ng magkagayo'y itinaas ng mga kerubin ang kanilang mga pakpak, at ang mga gulong ay nasa siping nila; at ang kalualhatian ng Dios ng Israel ay nasa ibabaw nila. **23** At ang kalualhatian ng PANGINOON ay sumampa mula sa pinakaloob ng ciudad, at tumayo sa ibabaw ng bundok na nasa dakong silanganan ng ciudad. **24** At itinaas ako ng espiritu, at dinala ako sa malikmata sa Kaldea sa pamamagitan ng espiritu ng Dios, sa kanila na mga bihag. Sa gayo'y ang malikmata na aking nakita ay napa-itaas mula sa akin. **25** Ng magkagayo'y sinalita ko sa kanila na mga bihag ang lahat na mga bagay na ipinakita sa akin ng PANGINOON.

**12** Ang salita rin ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **2** Anak ng tawo, ikaw ay tumatahan sa gitna ng mapanghimagsik na bahay, na may mga mata na maititingin, at hindi tumitingin, na may mga pakinig na mapanghimagsik na bahay. **3** Kaya't, ikaw na anak ng tawo, maghanda ka ng baon para sa pagkabago, at ikaw ay bumago sa araw sa kanilang paningin; at ikaw ay bumago mula sa iyong lugar hangang sa ibang lugar sa kanilang paningin: baka sakaling sila'y magbulay, baga man sila'y mapang-

himagsik na bahay. **4** At iyong ilalabas ang iyong daladalahan sa araw sa kanilang paningin, na parang daladalahan para sa pagkabago: at ikaw ay lalabas sa kinahapunan sa kanilang paningin, na parang kung ang mga napasa sa pagkatapon. **5** Bumutas ka sa pader sa kanilang paningin, at iyong ilabas doon. **6** Sa kanilang paningin ay iyong papasuin sa iyong balikat, at ilalabas sa pagdilim; iyong tatakpan, ang iyong mukha, upang huag mong makita ang lupa: sapagka't inilagay kita na pinakatanda sa bahay ng Israel. **7** At aking ginawang gayon na gaya ng iniutos sa akin: aking inilabas ang aking baon sa araw, na gaya ng baon para sa pagkabago, at sa kinahapunan ay bumutas ako sa pader ng aking kamay; aking inilabas sa dilim, at pinasan ko sa aking balikat sa kanilang paningin. **8** At ng kinaumagahan ay dumating ang salita ng PANGINOON sa akin, na nagsabing: **9** Anak ng tawo, hindi ba ang bahay ng Israel na mapanghimagsik na bahay, nagsabi sa iyong: **10** Auong ginagawa mo? **10** Sabihin mo sa kanilang: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Ang pasang ito ay *tungkol sa pangulo sa Jerusalem, at sa buong bahay ng Israel na kinalalakipan nila.* **11** Sabihin mong: Ako'y inyong tanda: kung ano ang aking ginawa, gayon ang gagawin sa kanila: sila'y paroroon sa pagkatapon, sa pagkabiha. **12** At ang pangulo na usa gitna nila ay magpapasan sa kaniyang balikat sa pagdilim, at lalabas: sila'y bubutas sa pader upang ilabas doon: siya'y magtatakip ng kaniyang mukha upang huag niyang makita ang lupa ng kaniyang mga mata. **13** Ang akin namang bitag ay aking ilaladlad sa kaniya, at siya'y mahuhuli sa aking silo: at aking dadalhin siya sa Babilonia sa lupain ng mga Kaldeo; gayon ma'y hindi niya makikita, бага man siya'y mamamatay doon. **14** At aking pangangalatin sa baw't hangin ang lahat na nasa palibot niya upang tulungan siya, at ang lahat niyang mga pulutong; at aking hubunutin ang tabak sa likuran nila. **15** At kanilang makikilala na ako ang PANGINOON, pagka sila'y aking pumanabog sa gitna ng mga nasyon, at aking pinaangalat sa mga lupain. **16** Ngunit mag-iwan ako ng kaonting lalaki sa kanila, na *mailuan ng tabak*, mula sa kagutom, at mula sa salot; upang kanilang maisaysay ang lahat na kanilang kasuklamsuklam sa

gitna ng mga nasyon na kanilang pina-rooroon; at kanilang makikilala na ako ang PANGINOON.

**17** Bukod dito'y ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **18** Anak ng tawo, kanin mo ang iyong tinapay na may pangingingin, at inumin mo ang iyong tubig na may pangangatal at may kasabikan; **19** at sabihin mo sa bayan ng lupain: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios tungkol sa mga mananahan sa Jerusalem, at sa lupain ng Israel: Sila'y kakain ng kanilang tinapay na may kasabikan, at inom ng kanilang tubig na may katigilan, upang ang kaniyang lupain ay magiba na *maalis ang lahat* na nandoon, dahil sa pangdadahas nilang lahat na tumataban doon. **20** At ang mga ciudad na tinatabanan ay mawawasak, at ang lupain ay magiging kagibaan; at inyong makikilala na ako ang PANGINOON.

**21** At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **22** Anak ng tawo, ano ang kawikaang ito na tinatankilik niinyo sa lupain ng Israel, na sinasabing: Ang mga araw ay humaba, at ang lahat na malikmata ay nabubuleanan? **23** Saysayin mo nga sa kanila: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Aking patitigilin ang kawikaang ito, at hindi na mga gagamitin pang parang kawikaan sa Israel; kungdi sabihin mo nga sa kanilang: Ang mga araw ay malapit na, at ang pangyayari ng lahat na malikmata. **24** Sapagka't hindi na magkakaroon pa ng walang kabuluhang malikmata o ng di tunay na pangluhula sa loob ng bahay ng Israel. **25** Sapagka't ako ang PANGINOON; ako'y magsasalita, at ang salita na aking sasalitain ay matutupad; hindi na magluluat pa: sapagka't sa inyong mga kaarawan, Oh mapanghimagsik na bahay, aking sasalitain ang salita, at aking tutuparin, sabi ng Panginoong Dios.

**26** Muling ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **27** Anak ng tawo, narito, silang sa bahay ng Israel ay nagsasabing: Ang malikmata na kanilang nakikita ay para sa malaong araw na darating, at siya'y pangluhula ng mga panahong malayo. **28** Kaya't sabihin mo sa kanilang: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Wala ng magluhat pa sa aking mga salita, kungdi ang salita na aking sasalitain ay matutupad, sabi ng Panginoong Dios.



**13** At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **2** Anak ng tawo, manghula ka laban sa mga profeta ng Israel na nanghuhula, at sabihin mo sa kanila na nanghuhula ng kanilang sariling puso: Dingin ninyo ang salita ng PANGINOON; **3** Ganito ang sabi ng Panginoong DIOS: **1** Sa aba ng mga hangal na mga profeta, na sumusunod sa kanilang sariling espiritu, at walang nakitang ano man! **4** Oh Israel, ang iyong mga profeta ay naging parang mga zorra sa mga gibang lugar. **5** Kayo'y hindi sumampa sa mga sirá, o iginawa man ninyo ng kuta ang babay ng Israel, ng siya'y rapasa pakikipaghaka sa kaarawan ng PANGINOON. **6** Sila'y nakakita ng walang kabuluhan, at magdarayang panghuhula, na nagsasabing: Sabi ng PANGINOON; at hindi sila sinugo ng PANGINOON; at kanilang pinaasa ang mga tawo na ang salita ay magkakatotoo. **7** Hindi ba kayo nakakita ng walang kabuluhang malikmata, at hindi ba kayo nagsalita ng kasinungalingang panghuhula, sa inyong pagsasabing: Sabi ng PANGINOON; kung sa bagay ay hindi ko sinalita?

**8** Kayo't ganito ang sabi ng Panginoong DIOS: Sapagka't kayo'y nagsalita ng walang kabuluhan, at nakakita ng mga kasinungalingan, kaya't, narito, ako'y laban sa inyo, sabi ng Panginoong DIOS. **9** At ang aking kamay ay magiging laban sa mga profeta na nakakakita ng walang kabuluhan, at nanghuhula ng kasinungalingan: sila'y hindi malalagay sa kapulungan ng aking bayan, o masusulat man sa guhitan sa bahay ng Israel, o sila man ay papasok sa lupain ng Israel; at inyong makikilala na ako ang Panginoong DIOS. **10** Sapagka't, sa makatuid baga'y sapagka't kanilang hinikayat ang aking bayan, na nagsabing: Kapayapaan; at walang kapayapaan; at pagka ang isa ay nagtatayo ng isang kuta, narito, kanilang tinatapan ng masamang *argamasa*: **11** sabihin mo sa kanila na nagtatapal ng masamang *argamasa*, na yao'y mababagsak: magkakaroon ng buhos ng baha; at kayo, Oh malaking mga granizo mababagsak; at isang bagyong hangin ay titibag noon. **12** Narito, pagka ang kuta ay nabagsak, hindi ba sasabihin sa inyong: Saan nandoon ang tapal na inyong tinapal? **13** Kayo't ganito ang sabi ng Panginoong DIOS: Akin ngang titibagin ng bagyong hangin sa aking pag-aalab ng loob; at magkakaroon ng buhos ng baha sa aking

pagkagalit, at malaking mga granizo sa pag-aalab ng loob upang tinawin. **14** Gayon ko ibabagsak ang kuta na inyong tinapalan ng masamang *argamasa*, at aking ilalagpak sa lupa, na ano pa't ang cimientoon ay mabubunot: at mababagsak, at kayo'y malilipol sa gitna noon; at inyong makikilala na ako ang PANGINOON. **15** Ganito ko wawakasan ang aking pag-aalab ng loob sa kuta, at sa mga nagtapal ng masamang *argamasa*; at sasabihin ko sa iyong: Ang kuta ay wala na, o ang mga nagtatapal man; **16** sa makatuid baga'y ang mga profeta sa Israel, na nanghuhula tungkol sa Jerusalem, at nakakakita ng malikmatang kapayapaan para sa kaniya, at walang kapayapaan, sabi ng Panginoong DIOS.

**17** At ikaw, anak ng tawo, ititig mo ang iyong mukha laban sa mga anak na babaye ng iyong bayan, na nanghuhula ng kanilang sariling puso; at manghula ka laban sa kanila, at magsabing: **18** Ganito ang sabi ng Panginoong DIOS: **1** Sa aba ng mga babaye na napanahi ng mga unan para sa lahat ng kasukasuan, at gumagawa ng mga lambong para sa ulo ng iba't ibang sukat upang manghuli ng mga kalulua! Huhulihin ba ninyo ang mga kalulua ng aking bayan, at magliligtas na buhay sa mga kalulua para sa inyong sarili? **19** At inyong dinumhan ako sa gitna ng aking bayan dahil sa mga dakot na cebada, at dahil sa mga piraso ng tinapay, upang patayin ang mga kalulua na hindi marapat mamatay, at upang iligtas na buhay ang mga kalulua na hindi marapat mabuhay, sa pamamagitan ng inyong pagbubulaan sa aking bayan na nakikinig sa mga kasinungalingan. **20** Kayo't ganito ang sabi ng Panginoong DIOS: Narito, ako'y laban sa inyong mga unan, na inyong ipinanghuhuli ng mga kalulua, upang mga paliparin, at aking mga lalabnutin sa inyong mga kamay; at aking pawawalan ang mga kalulua, ang mga kalulua na inyong hinuhuli upang mga paliparin. **21** Ang inyo namang mga lambong ay aking lalabnutin, at ililigtas ko ang aking bayan sa inyong kamay, at hindi na sila mapapasa inyong kamay upang mahuli; at inyong makikilala na ako ang PANGINOON. **22** Sapagka't sa pamamagitan ng kasinungalingan ay inyong pinapanlaw ng puso ng banal, na hindi ko pinapanlungkot; at inyong pinsalakas ang kamay ng masama, upang luag humiwalay sa kaniyang masamang lakad, at maligtas

na buhay: **23** kaya't hindi na kayo makakakita ng walang kabuluhan o mangbuhula man ng mga panghuhula; at aking ililigtas ang aking bayan sa inyong kamay; at inyong makikilala na ako ang PANGINOON.

**14** Ng magkagayo'y lumapit sa akin ang ilan sa mga matanda sa Israel, at umupo sa harap ko. **2** At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin na nagsabing: **3** Anak ng tawo, dinala ng mga lalaking ito ang kaniyang mga idolo sa kanilang puso, at inilagay ang katitisan ng kanilang kasam-an sa harap ng kanilang mukha: ¿mapagsangunian ba nila ako? **4** Kaya't salitain mo sa kanila, at sabihin mo sa kanilang: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Bawa't tawo sa bahay ng Israel na nagdadala ng kaniyang mga idolo sa kaniyang puso, at naglalagay ng katitisan ng kaniyang kasam-an sa harap ng kaniyang mukha, at naparoroon sa profeta; akong PANGINOON ay sasagot sa kaniya doon ng ayon sa karamihan ng kaniyang mga idolo; **5** upang aking makuha ang bahay ng Israel sa kanilang sariling puso, sapagka't silang lahat ay lumayo sa akin dahil sa kanilang mga idolo: **6** Kaya't sabihin mo sa bahay ng Israel: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Magbalik-loob kayo, at kayo'y tumalikod sa inyong mga idolo; at ihiwalay ninyo ang inyong mga mukha sa lahat ninyong kasuklamsuklam. **7** Sapagka't lahat ng tawo sa bahay ng Israel, o sa mga taga ibang lupa na nananahan sa Israel, na humihiwalay ng kaniyang sarili sa akin, at dinadala ang kaniyang mga idolo sa kaniyang puso, at naglalagay ng katitisan ng kaniyang kasam-an sa harap ng kaniyang mukha, at naparoroon sa profeta upang mag-usisa tungkol sa kaniyang sarili sa akin; akong PANGINOON ay sasagot sa kaniya ng aking sarili: **8** at aking ititig ang aking mukha laban sa lalaking yaon, at aking gagawin siyang katigilan, na pinakatanda at pinakakawikaan, at aking ihihiwalay siya sa gitna ng aking bayan; at inyong makikilala na ako ang PANGINOON. **9** At kung ang profeta ay madaya at magsalita ng isang salita, akong PANGINOON ang dumaya sa profetang yaon, at aking iuunat ang aking kamay sa kaniya, at papatayin ko siya mula sa gitna ng aking bayang Israel. **10** At kanilang dadalhin ang kanilang kasam-an: ang kasam-an ng profeta ay magiging gaya ng kasam-an niya

na humahanap sa kaniya; **11** upang ang bahay ng Israel ay luag ng maligaw pa sa akin, o mahawa pa man sa lahat nilang pagsalangsang; kungdi upang sila'y maging aking bayan, at ako'y maging kanilang Dios, sabi ng Panginoong Dios.

**12** At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing; **13** Anak ng tawo, pagka ang isang lupain ay nagkasala laban sa akin, sa pagkakamit ng pagsalangsang, at aking iuunat ang aking kamay doon, at aking binali ang tungkod ng tinapay noon, at nagsugo ako ng kagutom doon, at aking inihwalay doon ang tawo at hayop; **14** бага man ang tatlong lalaking ito, na si Noe, si Daniel, at si Job ay nandoon; ang kanila lamang ililigtas ay ang kanilang sariling mga kalulua, sa pamamagitan ng kanilang kabanalan, sabi ng Panginoong Dios. **15** Kung aking paranin ang mga mabangis na hayop sa lupain, at kanilang samsaman, na ano pa't magiba na walang tawong dumaan dahil sa mga hayop; **16** бага man ang tatlong lalaking ito ay nandoon, buhay ako, sabi ng Panginoong Dios, hindi sila magliligtas ng mga anak na lalaki o babaye man; sila lamang ang maliligtas, ngunit ang lupain ay magigiba. **17** O kung ako'y magdala ng tabak sa lupaing yaon, at magsabing: Tabak, dumaan ka sa lupain; na ano pa't aking ihiwalay doon ang tawo at hayop; **18** бага man ang tatlong lalaking ito ay nandoon, buhay ako, sabi ng Panginoong Dios, sila'y hindi magliligtas ng mga anak na lalaki o babaye man, kungdi sila lamang ang maliligtas. **19** O kung ako'y magsugo ng salot sa lupaing yaon, at aking ibuhos ang aking pag-aalab ng loob sa kaniya sa dugo, upang ihiwalay ang tawo't hayop: **20** бага man si Noe, si Daniel, at si Job, ay nandoon, buhay ako, sabi ng Panginoong Dios, hindi sila magliligtas ng mga anak na lalaki o babaye man; ang kanila lamang ililigtas ay ang kanilang sariling mga kalulua sa pamamagitan ng kanilang kabanalan. **21** Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: ¿Gaano pa nga kaya kung aking suguin ang aking apat na mahigpit na kahatulan sa Jerusalem, ang tabak, at ang kagutom, at ang mga mabangis na hayop, at ang salot, upang ihiwalay doon ang tawo at hayop? **22** Gayon ma'y, narito, doo'y maiwan

ang isang labi na ilalabas, mga anak na lalaki at babaye din naman: narito, sila'y lalabas sa inyo, at inyong makikita ang kanilang mga lakad at kanilang mga gawa; at kayo'y maaaliw tungkol sa kasam-an na aking dinala sa Jerusalem, tungkol sa lahat na aking dinala doon. **23** At kanilang aaliwin kayo pagka inyong nakikita ang kanilang lakad at ang kanilang mga gawa: at inyong makikilala na hindi ko ginawang walang kadahilanan ang lahat na aking ginawa doon, sabi ng Panginoong Dios.

**15** At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **2** Anak ng tawo, ano ang higit ng puno ng uvas kay sa alin mang puno ng kahoy, ang sangang ng puno ng uvas na nasa gitna ng mga punong kahoy sa gubat? **3** Makakakuha ba ng kahoy sa kaniya upang gawing ano mang kayarian? o makakakuha ba sa kaniya ang mga tawo ng tulos upang mapagbitinan ng ano mang kasangkapan? **4** Narito, iniha-hagis sa apoy na parang kahoy: nasupok ng apoy kapua ang dalawang dulo noon, at ang gitna noo'y nasusunog; magagamit ba sa ano mang gagawin? **5** Narito, ng buo pa, hindi magagamit sa ano mang gagawin: gaano pa nga kaya, pagka nasupok ng apoy, at nasunog, magagamit pa ba sa ano mang gagawin? **6** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Kung paano ang puno ng uvas sa gitna ng mga puno ng kahoy sa gubat, na aking ibinigay sa apoy na pinaka pangatong, gayon ko ibibigay ang mga manahan sa Jerusalem. **7** At aking itititig ang aking mukha laban sa kanila; sila'y lalabas sa apoy, nguni't susupukin sila ng apoy; at inyong makikilala na ako ang PANGINOON, pagka aking itinitig ang aking mukha laban sa kanila. **8** At aking gagawing giba ang lupain, sapagka't sila'y nagkamit ng pagsalangsang, sabi ng Panginoong Dios.

**16** Muling ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **2** Anak ng tawo, ipakilala mo sa Jerusalem ang kaniyang mga kasuklamsuklam, at sabihin mong: **3** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios sa Jerusalem: Ang iyong pinagmulan at ang iyong kapananangan ay sa lupa ng Kananeo; ang Amorreo ay iyong ama, at ang iyong ina ay Hitea. **4** At tungkol sa iyong kapananangan, ng araw na ikaw ay ipanganak ay hindi naputol ang iyong pusod, o na-

paliguan ka man sa tubig upang linisin ka; ikaw ay hindi naasinan, o nabalot man. **5** Walang matang nanghinayang sa iyo, upang gawin ang ano man sa mga ito sa iyo, na magkaroon ng habag sa iyo; kungdi ikaw ay nahagis sa lual na parang, sapagka't ang iyong pagkatawo ay itinakuil, sa araw na ikaw ay ipanganak. **6** At ng ako'y dumaan sa tabi mo, at makita kita na nagugumon sa iyong dugo, sinabi ko sa iyong: *Baga man ikaw ay nasa iyong dugo, mabuhay ka;* oo, sinabi ko sa iyong: *Baga man ikaw ay nasa iyong dugo, mabuhay ka.* **7** Pinarami kita na parang damo sa parang, at ikaw ay kumapal at lumaking mainam, at ikaw ay naging dakilang kagayakan: ang iyong dibdib ay naglaman, at ang iyong buhok ay tumubo; gayon ma'y ikaw ay hubo at hubad. **8** Ng ako nga'y magdaan sa tabi mo, at tumingin sa iyo, narito, ang iyong panahon ay panahon ng pag-ibig; at aking inilalad ang aking balabal sa iyo, at tinakpang ko ang iyong kahubaran: oo, ako'y sumumpa sa iyo, at nasok sa isang tipan sa iyo, sabi ng Panginoong Dios, at ikaw ay naging akin. **9** Ng magkagayo'y pinaliguan kita ng tubig; oo, aking nilinis na mainam ang iyong dugo sa iyo, at pinahiran kita ng langis. **10** Binihisan naman kita ng yaring may burda, at sinapatusan kita ng balat ng foka, at binigkisan kita sa palibot ng pinong kayong puti, at binalot kita ng sutla. **11** Ginayakan kita naman ng hiyas, at nilagyan ko ng mga brazalete ang iyong mga kamay, at ng isang kuintas ang iyong leeg. **12** At nilagyan ko ng hikaw ang iyong ilong, at ng mga hikaw ang iyong mga tainga, at isang magandang korona ang iyong ulo. **13** Ganito ka nagayakan ng ginto at pilak; at ang iyong damit ay pinong kayong puti, at sutla at yaring may burda; ikaw ay kumain ng mainam na harina, at ng pulot, at ng langis: at ikaw ay gumandang mainam, at ikaw ay guminhawa sa kalagayang pagkahari. **14** At ang iyong kabantugan ay lumabas sa gitna ng mga nasyon dahil sa iyong kagandahan; sapagka't naging sakdal dahil sa aking kamahalan na aking inilagay sa iyo, sabi ng Panginoong Dios.

**15** Nguni't ikaw ay umasa sa iyong kagandahan, at naglaro ng pagdadalahira dahil sa iyong kabantugan, at ikinalat mo ang iyong pakikiapud sa baw't nagdaraan: kaniya nga ikaw. **16** At

iningatan mo ang iyong mga suot, at ginawa mo sa ganang iyo ang mga mataas na lugar na kagayakan na may sari-saring kulay, at naglaro ka ng pagdadalahira sa kanila: *ang gayong mga bigay ay hindi na darating o mangyayari pa man.* **17** Kinuha mo naman ang iyong mga magandang hiyas na ginto at pilak, na aking ibinigay sa iyo, at ginawa mo sa iyong mga larawan na mga lalaki, at mga ipinaglaro mo ng pagdadalahira; **18** at iyong kinuha ang iyong mga bihisang may burda, at ibinalot mo sa kanila, at inilagay mo ang aking langis at ang aking kamanyan sa harap nila. **19** Ang aking tinapay naman na aking ibinigay sa iyo, bulaklak ng harina, at langis, at pulot, na aking ipinakain sa iyo, iyong mga inilagay nga sa harap nila na pinakamasarap na amoy, at *ganito nangyari;* sabi ng Panginoong Dios. **20** Bukod dito'y kinuha mo ang iyong mga anak na lalaki at babaye, na iyong ipinanganak sa akin, at ang mga ito ay iyong inihayin sa kanila upang lamunin. *Ang iyo bang mga pakikiapid ay maliit na bagay,* **21** na iyong pinatay ang aking mga anak, at iyong mga ibinigay sa iyong pagpaparaan sa apoy sa kanila? **22** At sa lahat ng iyong kasuklamsuklam, at ng iyong mga pakikiapid, hindi mo inalala ang mga kaarawan ng iyong kabinataan, ng ikaw ay hubo at hubad, at nagugumon sa iyong dugo. **23** At nangyari, pagkatapos ng iyong boong kasam-an (*sa aba, sa aba mo!* sabi ng Panginoong Dios,) **24** na ikaw ay nagtayo sa iyo ng isang marangal na lugar, at gumawa ka sa iyo ng mataas na lugar sa baw't langangan. **25** Itinayo mo ang iyong mataas na lugar sa baw't bukana ng daan, at ginawa mo ang iyong kagandahan na kasuklamsuklam, at ibinuka mo ang iyong mga paa sa baw't nagdaraan, at pinarami mo ang iyong pakikiapid. **26** Ikaw naman ay nagkamit ng pakikiapid sa mga taga Egipto, na iyong mga kalapit bayan, na malaki sa laman; at iyong pinarami ang iyong pakikiapid upang mungkahin mo ako sa galit. **27** Narito nga, iniunat ko ang aking kamay sa iyo, at binawasan ko ang iyong karaniwang *pagkain,* at ibinigay kita sa kalooban ng mga napopoot sa iyo, na mga anak na babaye ng mga Filisteo, na nangapapahiya sa iyong kalandian. **28** Ikaw naman ay naglaro ng pakikiapid sa mga taga Asiria, sapagka't ikaw ay walang

kabusugan: oo, ikaw ay naglaro ng pagdadalahira sa kanila, at gayon ma'y hindi ka pa busog. **29** Bukod dito'y iyong pinarami ang iyong pakikiapid sa lupain ng Kanaan, hangang sa Kaldea; at gayon ma'y hindi mo pinagkasiyahan! **30** Pagkahinahina ng iyong puso, sabi ng Panginoong Dios, sa paraang iyong ginagawa ang lahat na mga bagay na ito, na gawa ng isang hambog na mang-aapid na babaye; **31** sa iyong pagtatayo ng iyong marangal na lugar sa bukana ng baw't daan, at ginagawa mo ang iyong mataas na lugar sa baw't langangan; at hindi ka naging parang isang dalahira sa iyong pagwawalang kabuluhan ng kaupahan. **32** Isang babayeng asawa na nagkakamit ng pangangalunya! na tumatangap sa iba sa lugar ng kaniyang asawa! **33** Sila'y nagbibigay ng mga kaloob sa lahat ng dalahira: nguni't ikaw ay nagbibigay ng iyong mga kaloob sa lahat na mang-liligaw sa iyo, at iyong mga sinsuhulan, upang sila'y lumapit sa iyo sa lahat ng dako, dahil sa iyong mga pakikiapid. **34** At ang kaibahan ng *ibang* mga babaye ay nasa iyo sa iyong mga pakikiapid, sa paraang walang sumusunod sa iyo upang magkamit ng pakikiapid: at sa iyong pagbibigay ng upa, at walang upa na ibinibigay sa iyo, kaya't ikaw ay kaiba.

**35** Kaya't Oh dalahira, dingin mo ang salita ng PANGINOON: **36** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sapagka't ang iyong kamumihan ay nabuhos, at ang iyong kahubaran ay nalitaw sa iyong mga pakikiapid sa mga mang-liligaw sa iyo; at dahil sa lahat ng idolo na iyong mga kasuklamsuklam, at dahil sa dugo ng iyong mga anak, na iyong ibinigay sa kanila; **37** kaya't, narito, aking pipisain ang lahat na mang-liligaw sa iyo, na iyong pinagkaroonan ng kalayawan, at lahat ng iyong sininta, sampio ng lahat na iyong kinapootan; akin ngang pipisain sila laban sa iyo sa lahat ng dako, at aking ililitaw ang iyong kahubaran sa kanila, upang kanilang makita ang iyong boong kabubaran. **38** At aking habatulan kita na gaya ng hatol sa babayeng pangangalunya at nagbububo ng dugo; at aking dadalhin sa iyo ang dugo ng pag-aalab ng loob at ng paninibugho. **39** Ikaw ay ibibigay ko rin sa kanilang kamay, at kanilang ibabagsak ang iyong marangal na lugar, at igigiba ang iyong mga mataas na lugar; at kanilang huhubaran ka ng iyong mga suot, at kukunin ang iyong ma-

gandang mga hiyas: at kanilang iiwan ka na hubo at hubad. 40 Sila naman ay magsasampa ng isang kapisanan laban sa iyo, at babatuhin ka nila ng mga bato, at palalagpasan ka ng kanilang mga tabak.

41 At susunugin nila ang iyong mga bahay ng apoy, at gagawa ng mga kahatulan sa iyo sa pangingin ng maraming babaye; at aking patitigilin kita sa paglalaro ng pagdadalahira, at ikaw naman ay hindi na magbibigay pa ng upa. 42 Sa gayo'y aking malulubos ang aking pag-aalab ng loob sa iyo, at ang aking paninibugho ay hihiwalay sa iyo, at ako'y mataatabuhin, at hindi na magagalit pa. 43 Sapagka't hindi mo naalala ang mga araw ng iyong kabinataan, kungdi ako'y pinapag-iinit mo sa lahat ng mga bagay na ito; kaya't, narito, akin nainang dadalhin ang iyong lakad sa iyong ulo, sabi ng Panginoong Dios: at hindi ka na magkakamit ng kalandiang ito, na higit kay sa lahat ng iyong mga kasuklamsuklam.

44 Narito, bawata gumagamit ng mga kawikaan ay gagamitin ang kawikaang ito laban sa iyo, na sasabihing: Kung ano ang ina, gayon ang kaniyang anak. 45 Ikaw ang anak ng iyong ina, na nagtakuil ng kaniyang asawa at ng kaniyang mga anak; at ikaw ang kapatid ng iyong mga kapatid, na nagtakuil ng kanilang mga asawa at ng kanilang mga anak: ang inyong ina ay Hitea, at ang inyong ama ay Amorreo. 46 At ang iyong matandang kapatid ay ang Samaria na tumatahan sa iyong kaliwa, siya at ang kaniyang mga anak: at ang iyong bunsong kapatid na tumatahan sa iyong kanan ay Sodoma at ang kaniyang mga anak. 47 Gayon ma'y hindi ka lumakad sa kanilang mga lakad, o gumawa man ng ayon sa kanilang kasuklamsuklam; kungdi parang napakaliit na bagay, ikaw ay hamak na higit kay sa kanila sa lahat ng iyong mga lakad. 48 Buhay ako, sabi ng Panginoong Dios, ang Sodoma na iyong kapatid ay hindi gumawa, siya o ang kaniyang mga anak man, na gaya ng iyong ginawa, mo, at ng iyong mga anak. 49 Narito, ito ang kasam-an ng iyong kapatid na Sodoma; kapalaluan, kayamanan sa tinapay, at ang walabis na kapahingahan ay nasa kaniya at sa kaniyang mga anak; at hindi man niya pinalakas ang kamay ng dukha at mapagkailangan. 50 At sila'y hambog at nagkamit ng kasuklamsuklam sa harap ko: kaya't aking inalis sila,

ayon sa aking nakita. 51 Kahi't ang Samaria ay hindi nagkamit ng kalahati ng iyong mga kasalanan; nguni't pinarami mo ang iyong mga kasuklamsuklam na higit kay sa kanila, at iyong pinatotohanan sa iyong mga kapatid sa pamamagitan ng lahat mong mga kasuklamsuklam na iyong ginawa. 52 Ikaw naman, dalhin mo ang iyong sariling kahihyan, sa iyong pagbibigay ng kahatulan sa iyong mga kapatid; sa iyong mga kasalanan na iyong nakamit na higit na kasuklamsuklam kay sa kanila, sila'y banal pa kay sa iyo: oo, malito ka, at dalhin mo ang iyong kahihyan, sa iyong pagpapatotoo sa iyong mga kapatid. 53 At aking ibabalik uli sila mula sa kanilang pagkabihaag, ang pagkabihaag ng Sodoma at ng kaniyang mga anak, at ang pagkabihaag ng Samaria at ng kaniyang mga anak, at ang pagkabihaag ng iyong mga bihaag sa gitna nila: 54 upang iyong madala ang iyong sariling kahihyan, at ikaw ay mapahiya dahil sa lahat na iyong ginawa sa iyong pag-alih sa kanila. 55 At ang iyong mga kapatid, ang Sodoma at ang kaniyang mga anak, magbabalik sa kanilang dating kalagayan, at ang Samaria at ang kaniyang mga anak, magbabalik sa kanilang dating kalagayan, at ikaw at ang iyong mga anak ay magbabalik sa inyong dating kalagayan. 56 Sapagka't ang iyong kapatid na Sodoma ay hindi nabangit ng iyong bibig sa kaarawan ng iyong kapalaluan; 57 bago ang iyong kasam-an ay nalitaw, gaya sa panahon ng kapulaan sa mga anak ng Siria, at sa lahat na nasa palibot niya, na mga anak na babaye ng mga Filisteo, na siyang nagwawalang kabuluhan sa iyo sa palibot. 58 Iyong dinala ang iyong kalandian at ang iyong mga kasuklamsuklam, sabi ng PANGINOON. 59 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Akin namang gagawin sa iyo kung paano ang iyong ginawa, na siyang nagwawalang kabuluhan ng panunumpa sa pagsira ng tipan. 60 Gayon ma'y aalalabanin ko ang aking tipan sa iyo sa mga kaarawan ng iyong kabinataan, at aking itatatag sa iyo ang isang walang hangang tipan. 61 Kung magkageyo'y aalalabanin mo ang iyong mga lakad at mapapahiya ka, pagka iyong tatanggapin ang iyong mga kapatid, ang iyong mga matandang kapatid at iyong bunso: at aking ibibigay sila sa iyo na mga picakaanak na babaye, nguni't hindi sa pamamagitan ng iyong tipan.

**62** At aking itatatag ang aking tipan sa iyo; at iyong makikilala na ako ang PANGINOON: **63** upang iyong maalala, at malito ka, at kailan pa man ay huag mo ng bukahin ang iyong bibig, dahil sa iyong kahihyan; pagka aking pinatawad kita ng lahat na iyong nagawa, sabi ng Panginoong Dios.

**17** At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **2** Anak ng tawo, magsaysay ka ng bug-tong, at magsalita ka ng talinhaga sa bahay ng Israel: **3** at iyong sabihing: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Isang malaking aguila na may mga malaking pakpak, at mahabang mga buntot, na puno ng mga balahibo, na may sarisaring kulay, naparoon sa Lebanon, at kinuha ang dulo ng cedro: **4** kaniyang binunot ang pinakamataas na sariwang mga sangá noon, at dinala sa isang lupain na kalakalan; inilagay niya sa isang ciudad ng mga mangangalakal. **5** Kumuha naman siya sa binhi ng lupain at itanim sa isang mabunghaling lupa; inilagay niya sa tabi ng maraming tubig; kaniyang inilagay na parang puno ng kahoy na sauce. **6** At tumubo, at naging mayabong na puno ng uvas na may mababang bikas, na ang mga sangá ay bumabalik sa dako niya, at ang mga ugat noo'y nasa ilalim niya: sa gayo'y naging isang puno ng uvas, at nagsangá at nag-usbong. **7** May iba namang mga malaking aguila na may mga malaking pakpak at maraming balahibo: at, narito, ang puno ng uvas na ito ay pumilit ang mga ugat niya sa dako niya at inusbong ang kaniyang mga sangá sa dako niya mula sa mga hanay ng kaniyang pagkakatanim upang kaniyang madilig. **8** Nataanim sa isang mabuting lupa sa siping ng maraming tubig, upang makapagsangá ng mga sangá at makapagbungá, upang maging mabuting puno ng uvas. **9** Sabihin mong: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: ¿Giginhawa ba? ¿hindi ba niya bubunutin ang mga ugat noon, at kikitilin ang bunga noon, upang matuyo; upang ang lahat niyang sariwang lalad na mga dahon ay matuyo; walang malaking kapangyarihan o maraming tawo upang bunutin sa kaniyang mga ugat? **10** Oo, narito, sa paraang natanim ¿ay giginhawa ba? ¿hindi ba lubos na matutuyo pagka nasagiran siya ng hangin silanganan? matutuyot sa mga lugar na tinubuan niya. **11** Bukod

dito'y ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **12** Sabihin mo nga sa mapanghimagsik na bahay: ¿Hindi ba ninyo nalalaman ang kabulugan ng mga bagay na ito? saysayin mo sa kanilang: Narito, ang hari sa Babilonia ay dumating sa Jerusalem, at kinuha ang hari noon, at ang mga pangulo noon, at dinala niya sa kaniya sa Babilonia; **13** at siya'y kinuha sa binhing hari, at gumawa siya ng tipan sa kaniya; dinala naman niya siya sa ilalim ng panunumpa, at dinala ang mga makapangyarihan sa lupain: **14** upang ang kaharian ay maging mababa, upang luag makataas, kungdi sa pag-iingat ng kaniyang tipan ay mapatayo. **15** Ngudi't siya'y nanghimagsik laban sa kaniya sa pagpapadala ng kaniyang mga sugo sa Egipto, upang mabigyan nila siya ng mga kabayo at maraming tawo. ¿Giginhawa ba siya? ¿makataanan ba siya na gumagawa ng kaniyang mga bagay? ¿sisirain ba niya ang tipan, at makataanan pa? **16** Buhay ako, sabi ng Panginoong Dios, tunay na sa lugar na tinatahanan ng hari na pinaggawan sa kaniyang hari, na ang sumpa ay niwalang kabuluhan niya, at ang tipan ay sinira niya, siya nga'y mamamatay na kasama niya sa gitna ng Babilonia. **17** Kahi't si Faraon man hindi makagawa siya ng kaniyang makapangyarihang kawal at malaking pulutong sa pagbabaka, pagka sila'y magtitindig ng mga buntot, at magtatayo ng mga katibayan, upang maghiwalay ng maraming mga tawo. **18** Sapagka't kaniyang niwalang kabuluhan ang sumpa sa pagsira ng tipan; at narito, ibinigay niya ang kaniyang kamay, at gayon may ginawa ang lahat na mga bagay na ito; siya'y hindi makataanan. **19** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Buhay ako, walang pagsalang ang panunumpa sa akin na kaniyang niwalang kabuluhan, at ang tipan sa akin na kaniyang sinira, aking dadalhin sa kaniyang sariling ulo. **20** At aking ilalagay ang aking bitag sa kaniya, at siya'y mahuhuli sa aking silo, at dadalhin ko siya sa Babilonia, at ako'y makikipaglaban sa kaniya doon dahil sa kaniyang pagsalangsang na kaniyang isinalangang laban sa akin. **21** At ang lahat niyang mga layas sa lahat niyang pulutong ay mabubulal sa pamamagitan ng tabak, at ang nalabi ay mangangalat sa baw't hangin: at inyong

makikilala na akong PANGINOON ang nagsalita noon.

22 Ganito ang sabi ng Panginoong Dros: Kukuha naman ako sa usbong ng mataas na cedro, at aking itatanim; sa pinakamataas ng kaniyang sariwang sangang ako'y puputol ng supling at aking itatanim sa isang mataas na bundok at mainam: 23 sa bundok na kaitaasan ng Israel ay aking itatanim: at mag-usbong, at magbubunga, at magiging mainam na cedro: at sa ilalim noo'y tatahan ang lahat na ibon na sarisaring pakpak; sa lilim ng mga sangang noon tatahan sila. 24 At ang lahat na punong kahoy sa parang ay makakaalam na akong PANGINOON ang nagbaba sa mataas na punong kahoy, nagtaas sa mababang punong kahoy, tumuyo sa sariwang punong kahoy, at nagpabalaklak sa tuyong punong kahoy: akong PANGINOON ang nagsalita at gumawa noon.

18 Ang salita ng PANGINOON ay dumatiang uli sa akin, na nagsabing: 2 Anong ibig ninyong sabihin, na inyong ginagamit ang kawikaang ito tungkol sa lupain ng Israel, na sinasabing: Kinain ng mga magulang ang mga masim na uvas, at ang mga ngipin ng mga anak ay nangingilo? 3 Buhay ako, sabi ng Panginoong Dros, hindi na ninyo magagamit pa ang kawikaang ito sa Israel. 4 Narito, lahat ng kalulua ay akin; kung paano ang kalulua ng ama, gayon din ang kalulua ng anak ay akin: ang kalulua na nagkakasala ay mamamatay. 5 Ngunit kung ang isang lalaki ay magiging banal, at gumawa ng tapat at matuid, 6 at hindi kumain sa mga bundok, o itinaas man ang kaniyang mga mata sa mga idolo ng bahay ng Israel, o dinumhan man ang asawa ng kaniyang kapua, o lumapit man sa isang babaye sa kaniyang pagkakahiwalay: 7 at hindi umapi sa kanino man, kungdi nagsauli ng sanla sa mangungutang sa kaniya, hindi sumamsam ng ano man sa pamamagitan ng pangdadahas, nagbigay ng kaniyang tinapay sa gutom, at nagbalot sa hubad ng kasuotan; 8 siya na hindi nagbigay sa tubo, o kumuha man ng ano mang pakinabang, na iniurong ang kaniyang kamay sa kasam-an, gumawa ng tunay na kahatulan sa lalaki at lalaki, 9 lumakad sa aking mga palatuntunan, at nagingat ng aking mga kahatulan upang gawing may katotohanan; siya'y banal, siya'y walang pagsalang mabubu-

hay, sabi ng Panginoong Dros. 10 Kung siya'y manganak ng isang lalaki na tulisan, mangbububo ng dugo, at gumagawa sa kanino man ng mga ganitong bagay, 11 at hindi gumagawa ng aliu man sa mga kalungkulang yaon, kungdi kumain nga sa mga bundok, at dinumhan ang asawa ng kaniyang kapua, 12 umapi ng dukha at mapagkailangan, nanamsam sa pamamagitan ng pangdadahas, hindi nagsauli ng sanla, at itinaas ang kaniyang mga mata sa mga idolo, nagkamit ng kasuklamsuklam, 13 nagbigay na may tubo at tumanggap ng pakinabang; 14 mabubuhay nga ba siya? siya'y hindi mabubuhay: kaniyang ginawa ang lahat na kasuklamsuklam na ito: siya'y walang pagsalang mamamatay; ang kaniyang dugo ay sasa kaniya. 14 Ngayon, narito, kung isya'y magkaanak ng isang lalaki na nakikita ang lahat na kasalanan ng kaniyang ama na ginawa, at natatakot at hindi gumagawa ng gayon, 15 na hindi kumain sa mga bundok, o itinaas man ang kaniyang mga mata sa mga idolo ng bahay ng Israel, hindi nagdumi ng asawa ng kaniyang kapua, 16 o umapi man sa kanino man, hindi tumanggap ng ano mang sanla, o sumamsam man sa pamamagitan ng pangdadahas, kungdi nagbigay ng kaniyang tinapay sa gutom, at nagbalot sa hubad ng kasuotan, 17 na iniurong ang kaniyang kamay sa dukha, na hindi tumanggap ng tubo, o ng pakinabang man, ginawa ang aking mga kahatulan, lumakad sa aking mga palatuntunan; hindi siya mamamatay dahil sa kasam-an ng kaniyang ama, siya'y walang pagsalang mabubuhay. 18 Tungkol sa kaniyang ama, sapagka't siya'y pumigahing may kabagsikan, sumamsam sa kaniyang kapatid sa pamamagitan ng pangdadahas, at gumawa ng hindi mabuti sa gitna ng kaniyang bayan, narito, siya'y mamamatay sa kaniyang kasam-an. 19 Gayon ma'y sinasabi ninyong: Bakit hindi dinadala ng anak ang kasam-an ng ama? Pagka ginawa ng anak ang tapat at matuid, at nagingat ng lahat na aking palatuntunan, at mga ginawa, siya'y walang pagsalang mabubuhay. 20 Ang kalulua na nagkakasala, mamamatay: ang anak ay hindi magdadala ng kasam-an ng ama, o magdadala man ang ama ng kasam-an ng anak; ang kabanalan ng banal ay sasa kaniya, at ang kasam-an ng masama ay sasa kaniya. 21 Ngunit kung ang masama ay humiwalay sa kani-

yang lahat na kasalanan na kaniyang nakamit, at ingatan ang lahat na aking mga palatuntunan, at gumawa ng tapat at matuid, siya'y walang pagsalang mabubuhay, siya'y hindi mamamatay. 22 Wala sa kaniyang mga pagsalangsang na nakamit niya na aalalahanin laban sa kaniya: Sa kaniyang kabanalan na kaniyang ginawa ay mabubuhay siya. 23 ¶ Mairon ba akong ano mang kasayahan sa kamatayan ng masama? sabi ng Panginoong Dios: ¶ at hindi ba mabuti na siya'y humiwalay sa kaniyang lakad, at mabuhay? 24 Ngunit pagka ang banal ay humihiwalay sa kaniyang kabanalan, at nagkakamit ng kasam-an, at gumagawa ng ayon sa lahat na kasuklam-suklam na ginagawa ng masamang tawo, ¶ mabubuhay ba siya? Wala sa kaniyang mga banal na gawa na kaniyang ginawa na aalalahanin: sa kaniyang pagsalangsang na kaniyang isinalangsang, at sa kaniyang kasalanan na kaniyang ipinagkasala, sa mga yaon mamamatay siya. 25 Gayon ma'y inyong sinasabing: Ang daan ng Panginoon ay hindi parejo. Dingin mo ngayon, Oh bahay ng Israel: ¶ hindi ba ang aking daan ay parejo? ¶ hindi ba ang iyong mga lakad ay kabilan? 26 Pagka ang banal ay humihiwalay sa kaniyang kabanalan, at nagkakamit ng kasam-an, at namamatay doon; sa kasam-an na kaniyang ginawa ay mamamatay siya. 27 Muli, pagka ang masama ay humihiwalay sa kaniyang kasam-an na kaniyang nakamit, at gumagawa ng tapat at matuid, kaniyang ililigtas na buhay ang kaniyang kaluluwa. 28 Sapagka't siya'y nagmumuni at humiwalay sa lahat niyang pagsalangsang na kaniyang nakamit, siya'y walang pagsalang mabubuhay, siya'y hindi mamamatay. 29 Gayon ma'y sabi ng bahay ng Israel: Ang daan ng Panginoon ay hindi parejo. Oh bahay ng Israel, ¶ hindi ba ang aking mga daan ay parejo? ¶ hindi ba ang iyong mga lakad ay kabilan? 30 Kaya't hahatulan ko kayo, Oh bahay ng Israel, bawa't isa'y ayon sa kaniyang mga lakad, sabi ng Panginoong Dios. Kayo'y magbalik-loob at maghiwalay kayo sa lahat ninyong pagsalangsang; sa gayo'y ang kasam-an ay hindi magiging inyong kasiraan. 31 Inyong ibagis na mula sa inyo ang lahat ninyong pagsalangsang na inyong isinalangsang; at gumawa kayo ng bagong puso at ng bagong espiritu: sapagka't ¶ bakit kayo

mamatay, Oh bahay ng Israel? Sapagka't wala akong kasayahan sa kamatayan niya na mamamatay, sabi ng Panginoong Dios: kaya't magsipagbalik-loob kayo, at kayo'y mabuhay.

19 Bukod dito'y tumugma ka ng isang pagtaghoy para sa mga pangulo ng Israel, 2 at iyong sabilung: ¶ Naging ano ba ang iyong ina? Isang leona: siya'y humiga sa gitna ng mga leon, sa gitna ng mga anak ng leon, pinakain niya ang kaniyang mga anak. 3 At pinalaki niya ang isa sa kaniyang mga anak; yao'y naging isang batang leon, at yao'y nag-aral na manghuli, at lumamon ng mga tawo. 4 Narinig naman yaon ng mga nasyon; yao'y nahuli sa kanilang hukay: at dinala nila yaon na natatanikalan sa lupain ng Egipto. 5 Ng makita nga niya na siya'y umasa, at ang kaniyang pag-asa ay nawala, kumaha nga siya ng iba sa kaniyang mga anak, at ginawa yaong batang leon. 6 At yao'y nagpanhikmanaog sa gitna ng mga leon, yao'y naging batang leon; at yao'y nag-aral na manghuli, yao'y lumamon ng mga tawo. 7 At nalaman niya ang kanilang mga palacie, at sinira ang kanilang mga ciudad; at ang lupain ay nagiba, at ang lahat na nandoon, dahil sa hugong ng kaniyang ungal. 8 Ng magkagayo'y lumagay ang mga nasyon na laban sa anak ng leon sa lahat ng dako na mula sa mga lalawigan: at inilagay nila ang kanilang bitag sa kaniya; nahuli siya sa kanilang hukay. 9 At inilagay nila siya sa isang kulungan na may tanikala, at dinala nila siya sa hari sa Babilonia; ipinasok nila siya sa mga katibayan, upang ang kaniyang voces ay huag ng marinig sa mga bundok ng Israel.

10 Ang iyong ina ay gaya ng puno ng uvas sa iyong dugo, na natanim sa tabi ng mga tubig: siya'y mabunga at puno ng mga sangá, dahil sa maraming tubig. 11 At siya'y nagkaroon ng mga matibay na tungkod para sa mga cetro nila na nagpupuno, at ang kanilang taas ay nataas sa mga masingsing sangá, at sila'y nangakita sa kanilang taas dahil sa karamihan ng kanilang mga sangá. 12 Ngunit siya'y nabunot sa pag-aalab ng loob, siya'y nahagis sa lupa, at tinuyo ng hangng silanganan ang kaniyang bunga: ang kaniyang mga matibay na tungkod ay nangabali at dumupok; mga



sinupok ng apoy. **13** At ngayo'y natanim siya sa ilang, sa isang tuyo at uhaw na lupain. **14** At lumabas ang apoy sa mga tungkod ng kaniyang mga sangá, sinupok ang kaniyang bunga, na ano pa't nawalan sa kaniya ng matibay na tungkod na magiging cetro upang ipagpuno. Ito ay panaghoy, at magiging pinakapanaghoy.

**20** At nangyari sa ikapitong taon sa ikalimang buan, ng ikasampung ng buan, na ang ilan sa mga matanda ng Israel ay naparoon na sumanguni sa PANGINOON, at umupo sa harap ko. **3** At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **3** Anak ng tawo, salitain mo sa mga matanda sa Israel, at sabihin mo sa kanilang: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: ¿Kayo ba'y naparito upang sumanguni sa akin? Buhay ako, sabi ng Panginoong Dios, hindi ako mapagsasangunian ninyo. **4** ¿Hahatulan mo ba sila, anak ng tawo, hahatulan mo ba sila? ipakilala mo sa kanila ang mga kasuklamsuklam ng kanilang mga magulang: **5** at sabihin mo sa kanilang: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Ng araw na aking piliin ang Israel, at itaas ko ang aking kamay sa binhi ng bahay ng Jakob, at pakilala ako sa kanila sa lupain ng Egipto, na itinaas ko ang aking kamay sa kanila na sinabing: Ako ang PANGINOONG inyong Dios; **6** sa araw na yaon ay itinaas ko ang aking kamay sa kanila, upang ilabas ko sila sa lupain ng Egipto, na dahil sa lupain na aking itinaas sa kanila na binubukalan ng gatas at pulot, na siyang pinakamainam kay sa lahat na mga lupain: **7** at sinabi ko sa kanilang: Itakuil ng bawát isa sa inyo ang mga bagay na kasuklamsuklam sa kaniyang mga mata, at huag kayong mangahawa sa mga idolo ng Egipto; ako ang PANGINOONG inyong Dios. **8** Ngunit sila'y nanghimagsik laban sa akin, at hindi nakinig sa akin; hindi itinakuil ng bawát isa sa kanila ang mga kasuklamsuklam ng kanilang mga mata, o nilimot man nila ang mga idolo sa Egipto: ng magkagayo'y sinabi kong aking ibubuhos sa kanila ang aking pag-aalab ng loob, upang tuparin ko ang aking galit laban sa kanila, sa gitna ng lupain ng Egipto. **9** Ngunit ako'y gumawa dahil sa aking pangalan, upang huag madumhan sa pangingin ng mga nasyon, na kinaroroonan nila, na sa mga pangingin nila ay napakilala ako sa kanila, sa paglalabas ko

sa kanila sa lupain ng Egipto. **10** Sa gayo'y pinalabas ko sila mula sa lupain ng Egipto, at dinala ko sila sa ilang. **11** At ibinigay ko sa kanila ang aking mga palatuntunan, at itinuro ko sa kanila ang aking mga kahatulan, na kung gawin ng tawo ay mabubuhay sa mga yaon. **12** Bukod dito'y ibinigay ko naman sa kanila ang aking mga sabado, upang magiging tanda sa akin at sa kanila, upang kanilang makilala na ako ang PANGINOON na nagpapaging santo sa kanila. **13** Ngunit ang bahay ng Israel ay nanghimagsik laban sa akin sa ilang: sila'y hindi lumakad sa aking mga palatuntunan, at kanilang itinakuil ang aking mga kahatulan, na kung gawin ng tawo, ay mabubuhay sa mga yaon; at ang aking mga sabado ay kanilang dinumhang mainam: sinabi ko ngang aking ibubuhos ang aking pag-iinit sa kanila sa ilang, upang lipulin sila. **14** Ngunit ako'y gumawa dahil sa aking pangalan, upang huag madumhan sa pangingin ng mga nasyon, na sa pangingin ng mga yaon ay aking kinuha sila. **15** Bukod dito'y itinaas ko naman ang aking kamay sa kanila sa ilang, upang huag ko silang dalhin sa lupain na aking ibinigay sa kanila, na binubukalan ng gatas at pulot, na siyang pinakamainam kay sa lahat na mga lupain; **16** sapagka't kanilang itinakuil ang aking mga kahatulan, at hindi lumakad sa aking mga palatuntunan, at dinumhan ang aking mga sabado: sapagka't ang kanilang puso ay sumunod sa kanilang mga idolo. **17** Gayon ma'y ang aking mata ay nagpatawad sa kanila sa paglipol sa kanila, o ginawan ko man sila ng lubos na kawakasan sa ilang. **18** At sinabi ko sa kanilang mga anak sa ilang: Huag kayong lumakad sa mga palatuntunan ng inyong mga ama, o ingatan man ang kanilang mga kahatulan, o magpakahawa man sa kanilang mga idolo: **19** ako ang PANGINOONG inyong Dios; kayo'y lumakad sa aking mga palatuntunan, at ingatan ninyo ang aking mga kahatulan, at inyong mga gawin: **20** at inyong ipangilin ang aking mga sabado; at mga magiging tanda sa akin at sa inyo, upang inyong makilala na ako ang PANGINOONG inyong Dios. **21** Ngunit ang mga anak ay nanghimagsik laban sa akin; sila'y hindi lumakad sa aking mga palatuntunan, o nag-ingat man ng aking mga kahatulan upang mga gawin, na kung gawin ng tawo ay mabubuhay sa mga yaon: kanilang dinumhan ang aking

mga sabado: aking n'gang sinabi na aking ibubuhos ang aking pag-aalab ng loob sa kanila, upang tuparin ang aking galit sa kanila sa ilang. **22** Gayon ma'y inirong ko ang aking kamay, at gumawa ako dahil sa aking pangalan, upang huag madumhan sa paning'in ng mga nasyon, na sa paning'in ng mga yaon ay inilabas ko sila. **23** Bukod dito'y itinaas ko ang aking kamay sa kanila sa ilang, upang pangalatin ko sila sa gitna ng mga nasyon, at panabugin sila sa mga lupain; **24** sapagka't hindi nila ginawa ang aking mga kahatulan, kungdi niwalang kabuluhan ang aking mga palatuntunan, at dinumhan ang aking mga sabado, at ang kanilang mga mata'y nakasunod sa mga idolo ng kanilang mga ama. **25** Bukod dito'y binigyan ko sila ng mga palatuntunan na hindi mga mabuti, at ng mga kahatulan na hindi nila mga kabubuhayan; **26** at aking inihawa sila sa kanilang sariling mga kaloob, sa kanilang pagpaparaan sa apoy ng lahat na nagbubukas ng bahay-bata, upang aking magawa silang giba, ng kanilang makilala na ako ang PANGINOON.

**27** Kaya't anak ng tawo, salitain mo sa bahay ng Israel, at sabihin mo sa kanilang: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sa ganito ma'y nilapastangan ako ng inyong mga magulang, sa kanilang pagkakamit ng pagsalangsang laban sa akin. **28** Sapagka't ng dalhin ko sila sa lupain, na aking pinagtaasan ng aking kamay upang ibigay ko sa kanila, kanila n'gang nakita ang lahat na mataas na burol, at lahat na mayabong na puno ng kahoy, at inihandog nila doon ang kanilang mga hayin, at doo'y kanilang iniharap ang nakagagalit nilang handog, ginawa rin nila doon ang kanilang masarap na amoy, at ibinuhos nila doon ang kanilang mga inuming handog. **29** Ng magkagayo'y sinabi ko sa kanilang: ¿Anong kahulugan ng mataas na lugar na inyong pinaroroonan? Sa gayo'y ang pangalan noon ay tinawag na Bama hangang sa araw na ito. **30** Kaya't sabihin mo sa bahay ng Israel: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: ¿Nangagpakahawa ba kayo ng ayon sa paraan ng inyong mga magulang? ¿at kayo ba'y yumaong nakitapid ng ayon sa kanilang mga kasuklamsuklam? **31** at pagka inyong inihandog ang inyong mga kaloob, pagka inyong pinaraan sa apoy ang inyong mga anak,

¿nangagpakahawa ba kayo sa lahat ninyong idolo hangang sa araw na ito? ¿at alto ba'y mapag-sasangunian ninyo, Oh bahay ng Israel? Buhay ako, sabi ng Panginoong Dios, hindi ako mapag-sasangunian ninyo: **32** at ang nagmula sa inyong pag-iisip ay hindi mangyayari sa ano mang paraan; sa inyong sinasabing: Kami ay magiging gaya ng mga nasyon, na gaya ng mga kamag-anakan sa mga lupain, upang maglingkod sa kahoy at bato. **33** Buhay ako, sabi ng Panginoong Dios, walang pagsalang sa pamamag-itan ng makapangyarihang kamay, at ng unat na kamay, at ng pag-aalab ng loob na ibinubuhos, ay maglahari ako sa inyo: **34** at ilalabas ko kayo na mula sa mga bayan, at pipisanin ko kayo na mula sa mga lupain, na inyong pinangalatan, sa pamamag-itan ng makapangyarihang kamay, at ng unat na kamay, at ng pag-aalab ng loob na ibinubuhos: **35** at aking dadalhin kayo sa ilang ng mga bayan, at doo'y ako'y makikipag-usapin sa inyo na mukhaan. **36** Kung paanong ako'y nakipag-usapin sa inyong mga magulang sa ilang ng lupain ng Egipto, gayon ako makikipag-usapin sa inyo, sabi ng Panginoong Dios. **37** At pararaanin ko kayo sa ilalim ng tungkod, at dadalhin ko kayo sa pakikipagkasundo ng tipan; **38** at aking lilitisin sa gitna ninyo ang mga manghihimagsik, at ang mga sumasalangang laban sa akin; aking ilalabas sila sa lupaing kanilang pinangin'gibahang-bayan, nguni't hindi sila papasok sa lupain ng Israel: at inyong makikilala na ako ang PANGINOON. **39** Tungkol sa inyo, Oh bahay ng Israel, ganito ang sabi ng Panginoong Dios: kayo'y yumaon, maglingkod bawa't isa sa kaniyang mga idolo, at sa habarapin namau, kung hindi ninyo ako didingin: nguni't ang aking santong pangalan ay hindi na ninyo dudumhan ng inyong mga kaloob, at ng inyong mga idolo. **40** Sapagka't sa aking santong bundok, sa bundok na mataas ng Israel, sabi ng Panginoong Dios, doon ako paglilingkurang sa lupain ng boong bahay ng Israel, nilang lahat: doo'y tatanggapin ko sila, at doon ko hihingin ang inyong mga handog, at ang mga unang bunga ng inyong mga alay, sampuo ng lahat ninyong santong bagay. **41** Parang masarap na amoy na aking tatanggapin kayo, pagka kayo'y aking naihiwalay sa mga bayan, at napisan ko kayo mula sa mga lupain

na inyong pinangalatan: at ako'y sasantohin sa inyo sa paningin ng mga nasyon. **42** At inyong makikilala na ako ang PANGINOON, pagka kayo'y aking ipapasok sa lupain ng Israel, sa lupain na aking pinagtaasan ng aking kamay upang ibigay sa inyong mga magulang. **43** At doo'y maaalala ninyo ang inyong mga lakad, at lahat ng inyong gawa, na inyong pinagpakahawahan; at inyong kapopoetan ang inyong sarili sa inyong sariling paningin dahil sa lahat ninyong kasaman na inyong nakamit. **44** At inyong makikilala na ako ang PANGINOON, pagka ako'y nakagawa na sa inyo dahil sa aking pangalan, hindi ayon sa inyong mga masamang lakad, o ayon sa inyong mga masamang gawa man, Oh ninyong bahay ng Israel, sabi ng Panginoong Dios.

**45** At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **46** Anak ng tawo, itingin mo ang iyong mukha sa dakong timugan, at ipatak mo ang iyong salita sa dakong timugan, at manghula ka laban sa gubat ng parang sa Timugan; **47** at sabihin mo sa gubat ng Timugang: Iyong dingin ang salita ng PANGINOON; Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, aking papagningasin ang isang apoy sa iyo, at susupukin ang bawa't sariwang punong kahoy sa iyo, at ang bawa't tuyong punong kahoy: ang maalab na liab ay hindi mapapatay, at ang lahat na mukha na mula sa timugan hangang sa hilagaan ay masusunog sa liab. **48** At makikita ng lahat na laman na akong PANGINOON ang nagpaalab noon: hindi mapapatay. **49** Ng magkagayo'y sinabi kong: Ah Panginoong Dios! sinasabi nila sa aking: Hindi ba siya'y mananalita ng mga talinhaga?

**21** At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **2** Anak ng tawo, itingin mo ang iyong mukha sa dakong Jerusalem, at ipatak mo ang iyong salita sa dako ng mga santuario, at manghula ka laban sa lupain ng Israel; **3** at sabihin mo sa lupain ng Israel: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, ako'y laban sa iyo, at aking bubunutin ang aking tabak mula sa kaniyang kaloban, at ihihiwalay ko sa iyo ang banal at ang masama. **4** Sa paraan nga na aking ihihiwalay sa iyo ang banal at ang masama, walay aking bubunutin ang aking tabak sa kaloban na laban sa lahat

na laman na mula sa timugan hangang sa hilagaan: **5** at makikilala ng lahat na laman na akong PANGINOON ay bumunot ng aking tabak sa kaloban; hindi na babalik pa. **6** Magbuntong hininga ka nga, ikaw na anak ng tawo; na may pagkasira ng iyong mga balakang at may kapaitan na magbubuntong hininga ka sa harap ng kanilang mga mata. **7** At mangyayari, pagka kanilang sinasabi sa iyong: Bakit ikaw ay nagbubuntong hininga? na iyong sasabihing: Dahil sa mga halita, sapagka't dumarating: at ang bawa't puso ay matutunaw, at ang lahat na kamay ay manghihina, at ang bawa't espiritu ay manlulupaypay, at ang lahat na tuhod ay mang-lalambot na parang tubig: narito, dumarating, at mangyayari, sabi ng Panginoong Dios.

**8** At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **9** Anak ng tawo, manghula ka, at sabihin mong: Ganito ang sabi ng PANGINOON: Sabihin mong: Isang tabak, isang tabak ay nahasa, at kuminaug naman: **10** nahasa upang gumawa ng patayan; kuminaug upang maging parang kidlat: gagawa nga ba tayo ng mga kasayahan? ang tungkod ng aking anak ay nagwawalang kabuluhan sa bawa't punong kahoy. **11** At nabigay na kuminaug, upang malawakan: ang tabak ay nahasa, oo, kuminaug, upang ibigay sa kamay ng mamamatay. **12** Ikaw ay humiyaw at umungal, anak ng tawo: sapagka't nasa aking bayan, nasa lahat ng pangulo ng Israel: sila'y nabigay sa tabak na kasama ng aking bayan; sumugat ka nga sa iyong hita. **13** Sapagka't may paghatol; at kung ang tungkod na nagwawala ng kabuluhan hindi ba mangyayari na? sabi ng Panginoong Dios. **14** Ikaw nga, anak ng tawo, manghula ka, at saktan mo ang iyong mga kamay na magkasama; at ang tabak ay matiklop na makaitlo, ang tabak ng nasugatan ng ikamamatay: siyang tabak ng malaking pagpatay, na sa kanila'y papasok. **15** Aking inilagay ang dulo ng tabak laban sa lahat nilang pintuang-daan, upang ang kanilang puso ay matunaw, at ang kanilang mga pagkatisod ay dumami: Ah! ang pagkayari ay parang kidlat, na pinatulis para sa pagpatay. **16** Tumayo ka sa isang lugar, lumagay ka sa kanan, o lumagay ka sa kaliwa, saan man malagay ang iyong mukha. **17** Akin namang sasaktan ang aking mga kamay, at aking lulubusin ang

aking pag-aalab ng loob: akong PANGINOON ang nagsalita.

**18** Ang salita ng PANGINOON ay dumating uli sa akin, na nagsabing: **19** Gayon din, ikaw na anak ng tawo, magtakda ka sa iyo ng dalawang daan, na mapangagalugan ng tabak ng hari sa Babilonia; silang dalawa ay kapua lalabas sa isang lupain: at landasan mo ng lugar, landasan mo sa bukana ng daang patungo sa ciudad.

**20** Ikaw ay magtatakda ng daan para sa tabak na paroroon sa Raba ng mga anak ng Ammon, at sa Juda sa Jerusalem na nakukutaan.

**21** Sapagka't ang hari sa Babilonia tumayo sa pinagkakahiwalayan ng daan, sa bukana ng dalawang daan, upang gumamit ng panghuhula: kaniyang ipinagpag ang mga bosog na paroo't parito, siya'y sumanguni sa mga idolo, siya'y nagmasid sa atay.

**22** Nasa kanang kamay niya ang panghuhula para sa Jerusalem, upang maglagay ng mga pangsira, upang bukalin ang bibig sa pagpatay, upang itaas ang voces sa paghiyaw, upang maglagay ng mga pansira laban sa mga pintuang-daan, upang maglagay ng mga buntan, upang magtayo ng mga katibayan.

**23** At sa kanila ay magiging parang panghuhulang walang kabuluhan sa kanilang paningin, na nanumpa ng mga sumpa sa kanila: ngunit siya'y nagdala ng kasam-an sa ikaaalala, upang sila'y mahuli.

**24** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dros: Sapagka't inyong ipinaalala ang inyong kasam-an, sa paraang ang inyong mga pagsalangsang ay nalitaw, na ano pa't sa lahat ninyong gawa ang inyong mga kasalanan ay lumitaw; sa paraang kayo'y dumating sa pagkaalala, kayo'y huhulihin ng kamay.

**25** At ikaw, Oh masama na nasugatan ng ikamamatay, na pangulo ng Israel, na ang araw ay dumating, sa panahon ng masamang wakas;

**26** ganito ang sabi ng Panginoong Dros; Ibago mo ang tiara at alisin mo ang korona: ito'y hindi na mangyayari pa na gayon: itaas mo ang mababa, at ibaha mo ang mataas.

**27** Aking guguluhin, guguluhin, guguluhin: ito rin nama'y hindi na mangyayari pa, hangang sa dumating yaong ang matuid ay kaniya; at aking ibibigay sa kaniya.

**28** At ikaw, anak ng tawo, manghula ka, at iyong sabihing: Ganito ang sabi ng Panginoong Dros tungkol sa mga anak ng Ammon, at tungkol sa kanilang kapulaan; at sabihin mong: Isang tabak, isang

tabak ay binunot, para sa pagpatay ay kuminang upang papanlamunin, upang maging parang kidlat:

**29** samantalang sila'y nakakakitang walang kabuluhan sa iyo, samantalang sila'y nanghuhula ng mga kabulaanan sa iyo, upang ilagay ka sa mga leeg ng masama na nasugatan ng ikamamatay, na ang kaarawan ay dumating, sa panahon ng masamang kawakasan.

**30** Pabalikin mo sa kaniyang kaloban. Sa lugar na pinaglalangan sa iyo, sa lupain ng kapanaganan mo, habatulan kita.

**31** At aking ibubuhos ang aking galit sa iyo; aking hihipan kita sa pamamagitan ng apoy ng aking pag-iinit: at aking ibibigay kita sa kamay ng mga taksil na lalaki na bihasang manggiba.

**32** Ikaw ay magiging pinakapangatong sa apoy; ang iyong dugo ay malalagay sa gitna ng lupain; ikaw ay hindi na maaalala: sapagka't akong PANGINOON ang nagsalita.

**22** Bukod dito'y ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing:

**2** At ikaw, anak ng tawo, hahatol ka ba, hahatol ka ba sa ciudad na mabagsik? ipakilala mo nga sa kaniya ang lahat niyang kasuklamsuklam.

**3** At iyong sasabihing: Ganito ang sabi ng Panginoong Dros: Ciudad na nagbububo ng dugo sa gitna niya, na ang kaniyang panahon ay darating, at gumagawa ng mga idolo laban sa kaniyang sarili upang ibawa siya!

**4** Ikaw ay naging salarin dahil sa iyong dugo na iyong ibinubo, at ikaw ay nahawa sa iyong mga idolo na iyong ginawa; at iyong pinalapit ang iyong mga araw, at ikaw ay dumating hangang sa iyong mga taon; kaya't ginawa kitang isang kapulaan sa mga nacion, at isang katuyoan sa lahat na lupain.

**5** Yaong mga malapit, at yaong mga malayo, tutuya sa iyo, ikaw na nahawa at puno ng pagkagulo.

**6** Narito, ang mga pangulo ng Israel, bawa't isa'y ayon sa kaniyang kapangyarihan, napasa iyo upang magbububo ng dugo.

**7** Sa iyo'y kanilang niwalang kabuluhan ang ama't ina; sa gitna mo ay gumawa sila ng pag-api sa taga ibang lupa: sa iyo'y kanilang inapi ang ulila at ang babayeng bao.

**8** Iyong niwalang kabuluhan ang aking mga santong bagay, at iyong dinumhan ang aking mga sabado.

**9** Mga maninirang puri ay napasa iyo upang magbubo ng dugo: at sa iyo'y kumain sila sa mga bundok: sa gitna mo ay nagkamit sila ng pakikiapid.

**10** Sa iyo'y kanilang ipilitaw ang kabu-

baran ng kanilang mga ama: sa iyo'y pinapakumbaba niya siya na marumi sa kaniyang pagkahiwalay. **11** At ang isa'y nagkamit ng kasuklamsuklam sa asawa ng kaniyang kapua; at baw't isa'y nalawa ng masama sa kaniyang manugang na babaye; at ang isa'y nagpakumbaba sa iyo sa kaniyang kapatid na babaye na anak ng kaniyang ama. **12** Sa iyo ay kumuha sila ng suhol upang magbubo ng dugo; ikaw ay kumuha ng tubo't pakinabang, at ikaw ay nakinabang ng malabis sa iyong kapua sa pamamag-itan ng pagpighati, at nilimot mo ako, sabi ng Panginoong Dios. **13** Narito nga, aking sinaktan ang aking kamay dahil sa iyong masamang pakinabang na iyong ginawa, at sa iyong dugo na iyong ibinubo sa gitna mo. **14** Makapagmamatigas ba ang iyong puso, o makapagmamalakas ba ang iyong mga kamay sa mga araw na ako'y gagawa sa iyo? Akong PANGINOON ang nagsalita at gagawa noon. **15** At aking pangangalatin kita sa gitna ng mga nasyon, at pananabugin kita sa mga lupain; at aking susupukin ang iyong karumihan sa gitna mo. **16** At ikaw ay madudumhan sa iyong sarili, sa paningin ng mga nasyon: at iyong makikilala na ako ang PANGINOON.

**17** At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **18** Anak ng tawo, ang bahay ng Israel ay naging kalawang sa akin: silang lahat ay tanso at lata, at bakal at tinga, sa gitna ng hurno; sila ay naging kalawang ng pilak. **19** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sa paraang kayong lahat ay naging kalawang, kaya't, narito, aking pipisanin kayo sa gitna ng Jerusalem. **20** Kung paanong kanilang pinipisan ang pilak at ang tanso, at ang bakal, at ang tinga, at ang lata sa gitna ng hurno, upang hipan ng apoy, upang tunawin; gayon ko kayo pipisanin sa aking galit at sa aking pag-aalab ng loob, at aking ilalpag kayo doon, at tutunawin ko kayo. **21** Oo, aking pipisanin kayo, at hihihip sa inyo sa apoy ng aking pag-iinit, at kayo'y matutunaw sa gitna noon. **22** Kung paanong ang pilak ay natutunaw sa gitna ng hurno, gayon kayo matutunaw sa gitna noon; at inyong makikilala na akong PANGINOON ang nagbubuhos ng aking pag-aalab ng loob sa inyo.

**23** At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **24** Anak ng tawo, sabihin mo sa kaniyang: Ikaw

ay isang lupain na hindi nilinis, o naulanan man sa kaarawan ng pagkagalit. **25** May pagbabanta ng kaniyang mga profeta sa gitna noon, gaya ng leong umuungal na umaagaw ng huli: sila'y sumakmal ng mga kalulua; sila'y kumuha ng kayamanan at ng mga mahalagang bagay; pinadami nila ang kanilang babayeng bao sa gitna noon. **26** Ang mga sacerdote noon ay gumawa ng pangdadahas sa aking kautusan, at dinumhan ang aking mga santong bagay: sila'y hindi naglagay ng pagkakaiba sa santo at sa karaniwan o kanila mang pinagmunimuni ang mga tawo sa marumi at sa malinis, at ikinubli ang kanilang mga mata sa aking mga sabado, at ako'y nadumhan sa gitna nila. **27** Ang mga pangulo sa gitna noon ay parang mga lobo na nang-aagaw ng huli; upang magbubo ng dugo at upang lumipol ng mga kalulua upang sila'y magkaroon ng mahalay na pakinabang. **28** At itinapal ng mga profeta noon ang masamang *argamasa* para sa kanila, sa pagkakita ng walang kabuluhan, at nanghuhula ng mga kabulaanan sa kanila, na nagsasabing: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios, sa bagay ay hindi sinalita ng PANGINOON. **29** Ang bayan ng lupain ay gumamit ng pagpighati, at nagsanay ng pagnanakaw; oo, kanilang pinagdalamhati ang dukha at mapagkailangan, at pinighati ng wala sa katuiran ang taga ibang lupa. **30** At ako'y humanap ng lalaki sa gitna nila, na makakagawa ng bakod, at makatatayo sa sira sa harap ko dahil sa lupain, upang huag kong gibain, nguni't wala akong nasumpungan. **31** Kaya't aking ibinuhos ang aking galit sa kanila; aking sinupok sila ng apoy ng aking pag-iinit: ang kanilang sariling lakad ay aking dinala sa kanilang mga ulo, sabi ng Panginoong Dios.

**23** Ang salita ng PANGINOON ay dumating uli sa akin, na nagsabing: **2** Anak ng tawo, may dalawang babaye, na mga anak ng isang ina: **3** at sila'y nagkamit ng pakikipid sa Egipto; sila'y nagkakamit ng pakikipid sa kanilang kadalagahan; doo'y nanga-higpit ang kanilang mga dibdib, at doo'y nangalamas ang mga sugo ng kanilang pagkadalaga. **4** At ang mga pangalan nila ay Ohola ang matanda, at Oholiba ang kapatid niya: at sila'y naging akin at nagkaanak ng mga lalaki at babaye. At tungkol sa kanilang mga pangalang, Samaria ay Ohola, at Jerusalem ay Oho-

liba. **5** At si Ohola ay naglaro ng pagdalalaira ng siya'y akin; at siya'y suminta sa mga mang-liligaw sa kaniya, sa mga taga Asiria na kaniyang mga kalapit bayan, **6** na nananamit ng kulay azul, ang mga gobernador at ang mga puno, silang lahat na mga binatang makisig, mga mangangabayo na nakasakay sa mga kabayo. **7** At siya'y nakiapid ng kaniyang pakikiapid sa kanila, na mga pinaka piling lalaki sa Asiria silang lahat: At sa kanino man siya umibig, sa lahat nilang idolo, siya'y nahahawa. **8** At hindi man niya iniwan ang kaniyang mga pakikiapid mula sa Egipto; sapagka't sa kaniyang kadalagahan, sila'y sumisiping sa kaniya, at nilalamas nila ang mga suso ng kaniyang pagkadalaga: at kanilang ibinuhos ang kanilang pakikiapid sa kaniya. **9** Kaya't ibinigay ko siya sa kamay ng mga mang-liligaw sa kaniya, sa kamay ng mga taga Asiria, na siya niyang mga inibig. **10** Ang mga ito ang naglitaw ng kaniyang kalubaran; kinuha nila ang kaniyang mga anak na lalaki at babaye, at siya'y pinatay nila ng tabak: at siya'y naging kawikaan sa mga babaye; sapagka't sila'y gumawa ng mga kabatulan sa kaniya. **11** At nakita ito ng kaniyang kapatid na si Oholiba, gayon ma'y siya'y higit na napahamak sa kaniyang pag-ibig kay sa kaniya, at sa kaniyang mga pakikiapid na higit kay sa mga pakikiapid ng kaniyang kapatid. **12** Siya'y umibig sa mga taga Asiria, sa mga gobernador at mga puno, sa kaniyang mga kalapit bayan, na nadadamtan ng mga pinakamahusay, sa mga mangangabayo na nakasakay sa mga kabayo, silang lahat ay mga binatang makisig. **13** At aking nakita na siya'y nadumhan; na sila kapua ay nag-isang daan. **14** At kaniyang pinalago ang kaniyang mga pakikiapid: sapagka't siya'y nakakita ng mga lalaking nakalarawan sa mga panig, na mga larawan ng mga Kaldeo na nakalarawan ng bermellon, **15** na nabibigkisan ng mga bigkis sa kanilang mga balakang, na may mga turbante na sarisaring kulay sa kanilang mga ulo, silang lahat ay parang mga pangulo ayon sa wangis ng mga taga Babilonia sa Kaldea, na lupain ng kanilang kinapanganakan. **16** At pagkakita niya sa kanila ay biglang inibig niya sila, at nagsugo ng mga sugo sa kanila sa Kaldea. **17** At ang mga taga Babilonia ay naparoon sa kaniya sa hihigan ng pag-ibig, at kanilang dinumhan siya ng kani-

lang pakikiapid, at siya'y nahawa sa kanila, at ang kaniyang kalulua ay tinabangan sa kanila. **18** Sa gayo'y inilitaw niya ang kaniyang mga pakikiapid, at inilitaw niya ang kaniyang kahubaran: ng magkagayo'y tinabangan ang aking kalulua sa kaniya, na gaya ng pagkatabang ng aking kalulua sa kaniyang kapatid. **19** Gayon ma'y kaniyang pinarami ang kaniyang mga pakikiapid, na inaalala ang mga kaarawan ng kaniyang kadalagahan, na kaniyang pinaglaruan ng pagdadalahira sa lupain ng Egipto. **20** At siya'y umibig sa mga umaagulo sa kaniya, na ang laman ay gaya ng laman ng mga asno, at ang kaniyang agas ay gaya ng agas ng mga kabayo. **21** Ganito mo inalala ang kalandian ng iyong kadalagahan, sa pagkalamas ng iyong mga suso ng mga taga Egipto dahil sa mga suso ng iyong kadalagahan.

**22** Kaya, Oh Oholiba, ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, aking ibabangon ang mga mang-liligaw sa iyo laban sa iyo, na siyang pinagsawaan ng iyong kalulua, at aking dadalhin sila laban sa iyo sa lahat ng dako; **23** ang mga taga Babilonia at lahat ng Kaldeo, ang Pekod, at ang Soa, at ang Koa, at lahat ng taga Asiria na kasama nila: na mga binatang makisig, mga gobernador at mga puno silang lahat, mga pangulo, at mga lalaking bantog, silang lahat ay sumasakay sa mga kabayo. **24** At sila'y pariritong laban sa iyo na may mga saktab, mga karro, at mga vagon, at may kapisanan ng mga bayan; sila'y magsililagay laban sa iyo sa palibot na may lonkin, at kalasag at turbante: at aking ibibigay ang kahatulan sa kanila, at sila'y bahatol sa iyo ayon sa kanilang mga paghatol. **25** At aking ilalagak ang aking paninibugho laban sa iyo, at sila'y gagawa sa iyo sa pag-aatub ng loob; kanilang aalasin ang iyong ilong at ang iyong mga tainga; at ang nalabi sa iyo ay mabubual sa pamamag-itan ng tabak: kanilang kukunin ang iyong mga anak na lalaki at babaye; at ang nalabi sa iyo ay susupukin ng apoy. **26** Kanila namang huhubaran ka ng iyong mga suot, at dadalhin ang iyong mga magandang hiyas. **27** Ganito ko patitigilin sa iyo ang iyong kalandian, at ang iyong pakikiapid na dinala mula sa lupain ng Egipto: na ano pa't hindi mo ididilat ang iyong mga mata sa kanila, o aalalahanin mo pa man ang Egipto kailan man.

28 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, ibibigay kita sa kamay ng mga kinapopootan mo, sa kamay ng mga pinagsawaan ng iyong kalulua; 29 at gagawan ka nila na may kapootan, at aalisin ang lahat ng iyong hanap-buhay, at iwan kang hubad at walang panyapak: at ang kahubaran ng iyong pakikiapid ay malilitaw, ang iyong kalandian at gayon din ang iyong mga pakikiapid. 30 Ang mga bagay na ito ay gagawin sa iyo, sapagka't ikaw ay yumaong nakiaipid sa mga walang Dios, at sapagka't ikaw ay nahawa sa kanilang mga idolo. 31 Ikaw ay lumakad ng lakad ng iyong kapatid; kaya't ibibigay ko ang kaniyang kopa sa iyang kamay. 32 Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Ikaw ay iinom sa kopa ng iyong kapatid, na malalim at malaki: ikaw ay tatawanan na pinakatnya at pinaka panoorin; maraming laman. 33 Ikaw ay mapupuno ng kalasingan at kapanlawan, ng kopang katigilan at kasiraan, ng kopa ng iyong kapatid na Samaria. 34 Iyo ngang iinomin at ibubuga, at iyong bahaluin ang labo noon, at sasaktan ang iyong dibdib: sapagka't aking sinalita, sabi ng Panginoong Dios. 35 Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sapagka't ako'y iyong nilimot, at inihagis mo ako sa iyong likuran, dalhin mo nga naman ang iyong kalibugan, at ang iyong mga pakikiapid.

36 Sinabi ng PANGINOON sa akin bukod dito: Anak ng tawo, bahatulan mo ba si Ohola at si Oholiba? ipakilala mo sa kanila ang kanilang mga kasuklam-suklam. 37 Sapagka't sila'y nagkamit ng pangangalunya, at dugo ay nasa kanilang mga kamay, at sa kanilang mga idolo ay nagkamit sila ng pangangalunya; at kanila namang pinaraan sa apoy ang kanilang mga anak, na kanilang ipinanganak sa akin, upang masupok. 38 Bukod dito'y ginawa nila ito sa akin: kanilang inihawa ang aking santuario sa araw ding yaon, at dinumhan ang aking mga sabado. 39 Sapagka't ng kanilang patayin ang kanilang mga anak sa kanilang mga idolo, napaaroon nga ng araw ding yaon sila sa aking santuario upang dumhan; at, narito, ganito ang kanilang ginawa sa gitna ng aking bahay. 40 At bukod dito ay kayo'y nagsugo sa mga lalaki na nagmula sa malayo: na siyang mga pinagsuguan sa sugo, at, narito, sila'y dumarating; na siyang dahil ng

iyong ipinaligo, at ipinagkulay mo ng iyong mga mata, at pinaggayakan mo ng mga gayak; 41 at naupo ka sa isang mainam na hilagang, na may dulang na nakahanda sa harap noon, na siya mong pinaglapagan ng aking kamayanan at aking langis. 42 At sa kaniya'y narinig ang voces ng pulutong na tahimik: at kasama ng mga lalaki sa mga karaniwan ay nadala na mga manlalasing mula sa ilang; at sila'y naglagay ng mga brazaletes sa mga kamay nila, at mga magandang korona sa kanilang mga ulo. 43 Ng magkagayo'y sinabi ko sa kaniya na tumanda sa mga pangangalunya: Makikiapid pa ba sila ng pakikiapid sa kaniya, at siya sa kanila. 44 At sinipi-ngan nila siya, na parang sumiping sa isang dalahira: gayon nila sinipi-ngan si Ohola at si Oholiba, na malibog na mga babaye. 45 At mga banal na lalaki ang mga bahatol sa kanila ng kahatulan sa mangangalunya, at ng kahatulan sa mga babaye na nagbubo ng dugo; sapagka't sila'y mangangalunya, at dugo ay nasa kanilang mga kamay. 46 Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Ako'y magsasampa ng isang kapisanan laban sa kanila, at ibibigay ko sila upang ligaliging paroo't parito, at samsaman. 47 At babatohin sila ng kapisanan, ng mga bato, at tatagain sila ng kanilang mga tabak; papatayin nila ang kanilang mga anak na lalaki at babaye, at susunugin ang kanilang mga bahay ng apoy. 48 Ganito ko patitigilin ang kalibugan sa lupain, upang ang lahat na babaye ay muturuan na huag gumawa ng ayon sa inyong mga kalibugan. 49 At gagantihan nila ang inyong kalibugan sa inyo, at inyong dadalhin ang mga kasalanan ng inyong mga idolo, at inyong makikilala na ako ang Panginoong Dios.

24 Muli, ng ikasiam na taon, sa ika-sampuon buan, ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: 2 Anak ng tawo, isulat mo ang pangalan ng araw, ang kaaraw-arawan ding ito: ang hari sa Babilonia ay nagpakatibay sa Jerusalem sa kaaraw-arawan ding ito. 3 At ipagsaysay mo ng isang talinhaga sa mapanghimagsik na bahay, at sabihin mo sa kanilang: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Magsalang ka ng paliok, isalang mo, at buhusan mo naman ng tubig: 4 pisanin mo ang mga piraso noon doon, lahat ng mabuting

piraso, ang hita, at ang balikat; punuin mo ng mga piling buto. 5 Kumuha ka ng pili sa kawan, at ibunton mo ang mga buto sa ilalim noon: pakuluhan mong mabuti; oo, lutuin mo ang mga buto sa loob noon.

6 Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: ¡Sa aba ng mabagsik na ciudad, sa paliok na ang kalawang ay nandoon, at ang kalawang ay hindi naalis doon! ilabas mo na pirapiraso, walang kapalarang nahulog doon. 7 Sapagka't ang dugo niya ay nasa gitna niya; kaniyang inilagay sa lual na bato; hindi niya ibinuhos sa lupa, upang takpan ng alabok; 8 upang pasampahin ang pag-aalab ng loob ng gumanti, inilagay ko ang kaniyang dugo sa lual na bato, upang huag matakpan. 9 Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: ¡Sa aba ng mabagsik na ciudad! akin ding palalakihiin ang bunton. 10 Ibunton ang kahoy, pani-ngasin ang apoy, pakuluhan mabuti ang laman, palaputin ang sabaw, at sunugin ang mga buto. 11 Kung magkagayo'y ipatong mong walang laman sa mga baga noon, upang uminit, at ang tanso noo'y masunog, at ng ang dumi noon ay matunaw doon, upang mapugnaw ang kalawang noon. 12 Siya'y nagpakapagod sa gawa: gayon ma'y ang kaniyang kalawang ay hindi naalis sa kaniya; ang kaniyang kalawang ay hindi naalis sa pamamagitan ng apoy. 13 Nasa iyong karumihan ang kalibugan: sapagka't ikaw ay aking nilinis at hindi ka nalinis, hindi ka na malilinis pa sa iyong karumihan, hangang sa aking malubos ang aking pag-aalab ng loob sa iyo. 14 Akong PANGINOON ang nagsalita: mangyayari, at aking gagawin; hindi ako magbabalik-loob o magpapatawad man, o magsisisi man; ayon sa iyong mga lakad, at ayon sa iyong mga gawa, kanilang hahatulan ka, sabi ng Panginoong Dios.

15 Ang salita ng PANGINOON ay dumating din sa akin, na nagsabing: 16 Anak ng tawo, narito, aalisin ko sa iyo ang nasa ng iyong mga mata sa pamamagitan ng kamatayan: gayon ma'y huag kang tatangis, o iiyak man, o aagos man ang iyong mga luha. 17 Magpahinga ka ng pag-bubutong-hioing; huag mong tangisan ang patay, itali mo ang damit sa iyong ulo sa iyo, at isuot mo ang iyong mga panyapak sa iyong mga paa, at huag mong takpan ang iyong mga labi, at huag kang kumain ng tinapay ng mga lalaki.

18 Sa gayo'y nagsalita ako sa bayan sa kinaumagahan; at sa kinahapunan ay namatay ang aking asawa: at aking ginawa sa kinaumagahan ang gaya ng miutos sa akin. 19 At sinabi ng bayan sa aking: ¿Hindi mo ba sasaysayin sa amin kung anong mga bagay ito sa amin, na ikaw ay gumagawa ng ganiyan? 20 Ng magkagayo'y sinabi ko sa kanilang: Ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: 21 Salitain mo sa bahay ng Israel: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, aking dudumhan ang aking santuario, na kapalaluan ng inyong kapangyarihan, na nasa ng inyong mga mata, at ang kinahibinayan ng inyong kalulua; at ang inyong mga anak na lalaki at babaye na inyong iniwan sa hulihan ay mabubual sa pamamagitan ng tabak. 22 At inyong gagawin ang aking ginawa: hindi niyo tatakpan ang inyong mga labi, o kakain man ng tinapay ng mga lalaki. 23 At ang inyong turbante ay malalagay sa inyong mga ulo, at ang inyong mga panyapak sa inyong mga paa: kayo'y hindi tatangis o iiyak man; kung-di kayo'y manganlulupaypaya sa inyong mga kasam-an, at mangagdaingang isa't isa. 24 Ganito magiging isang tanda sa iyo si Ezekiel; ayon sa lahat niyang ginawa ay inyong gagawin: pagka ito'y nangyari ay iyo ngang malalaman na ako ang Panginoong Dios.

25 At ikaw, anak ng tawo, hindi ba mangyayari sa araw na aking alisin sa kanila ang kanilang lakas, ang kagalakan ng kanilang kalualhatian, ang nasa ng kanilang mga mata, at ang kanilang pinaglalagakan ng kanilang puso, ang kanilang mga anak na lalaki at babaye, 26 na sa araw na yaon ang makataanan ay paroroon sa iyo, upang iparing sa iyo ng iyong mga pakinig? 27 Sa araw na yaon ay mabubuksan ang iyong bibig sa kaniya na nakataanan, at ikaw ay magsasalita, at hindi na mapipipi pa: gayon magiging isang tanda ka sa kanila; at kanilang makikilala na ako ang PANGINOON.

25 At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: 2 Anak ng tawo, ititig mo ang iyong mukha sa mga anak ng Ammon, at manghula ka laban sa kanila: 3 at sabihin mo sa mga anak ng Ammon: Inyong dingin ang salita ng Panginoong Dios: Gani-tang ang sabi ng Panginoong Dios: Sapagka't



iyong sinabing: Aha, laban sa aking santuario, ng madumhan; at laban sa lupain ng Israel, ng magiba; at laban sa bahay ng Juda, ng sila'y masok sa pagkabihag: **4** kaya't narito, aking ibibigay kita sa mga anak ng silanganan na pinakaari, at kanilang itatayo ang kanilang mga kamento sa iyo, at gagawa ng kanilang mga tabanan sa iyo; kanilang kakainin ang iyong bunga, at kanilang iinumun ang iyong gatas. **5** At aking gagawin ang Raba na pinaka silungan ng kabayo para sa mga kamello, at ang mga anak ng Ammon na pinakapahingahang lugar para sa mga kawan: at inyong makikilala na ako ang PANGINOON.

**6** Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sapagka't tumampal ka ng iyong mga kamay, at sumipa ka ng mga paa, at nagalak ka ng boong kapootan ng iyong kalulua laban sa lupain ng Israel; **7** kaya't narito, aking inuunat ang aking kamay sa iyo, at ibibigay kita na pinakasamsam sa mga nasyon; at ihihwalay kita sa mga bayan, at ipalilipol kita mula sa mga lupain: aking ibubual kita; at iyong makikilala na ako ang PANGINOON.

**8** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sapagka't ang Moab at ang Seir ay nagsasabing: Narito, ang bahay ng Juda ay gaya ng lahat na mga nasyon; **9** kaya't, narito, aking bubuksan ang tagiliran ng Moab, mula sa mga ciudad, mula sa kaniyang mga ciudad na nasa kaniyang mga hanganan, na kahalhatian ng lupain, ang Bet-jesimot, ang Baal-meon, at ang Kiriatim, **10** sa mga anak ng silanganan, upang pumaroon laban sa mga anak ng Ammon, at aking ibibigay sa kanila na pinakaari, upang ang mga anak ng Ammon ay huag ng maalala sa gitna ng mga nasyon: **11** at ako'y gagawa ng kahatulan sa Moab: at kanilang makikilala na ako ang PANGINOON.

**12** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sapagka't ang Edom ay gumawa ng laban sa bahay ng Juda sa panghihiganti, at nangalit na mainam, at nanghiiganti sa kanila; **13** kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Aking iuunat ang aking kamay laban sa Edom, at aking ihihwalay ang tawo at hayop doon: at aking gagawing giba mula sa Teman; hangang sa Dedan nga ay mabubual sila sa pamamag-itan ng tabak. **14** At aking ibubuhos ang aking panghihiganti sa Edom, sa pamamag-itan ng kamay ng aking bayang Israel; at kanilang gagawin

sa Edom ang ayon sa aking galit, at ayon sa aking pag-aalab ng loob: at kanilang makikilala ang aking pagganti, sabi ng Panginoong Dios.

**15** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sapagka't ang mga Filisteo ay gumawa ng panghihiganti, at nanghiiganti na may kapootan ng kalulua upang gibain ng pakikipagkaalit na magpakailan man; **16** kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, aking iuunat ang aking kamay sa mga Filisteo, at aking ihihwalay ang mga Kereteo, at gigibain ko ang labi sa baybayin ng dagat. **17** At ako'y gagawa ng malaking panghihiganti sa kanila na may malupit na mga pagsaway; at kanilang makikilala na ako ang PANGINOON, pagka aking ibinuhos ang aking pagganti sa kanila.

**26** At nangyari, ng ikalabing isang taon, sa unang araw ng buan, na ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **2** Anak ng tawo, sapagka't ang Tiro ay nagsabi laban sa Jerusalem: Aha, siya na naging pintuang-daan ng mga bayan ay giba: siya'y nabalik sa akin: ako'y madadalisay nga yong siya'y giba: **3** kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, ako'y laban sa iyo, Oh Tiro, at aking pasasampahin ang maraming nasyon laban sa iyo, gaya ng pagpapasampa ng dagat ng kaniyang mga alon. **4** At kanilang gigibain ang mga kuta ng Tiro, at ibabagsak ang kaniyang mga moog: akin namang papalisin sa kaniya ang kaniyang alabok, at gagawin ko siyang lual na bato. **5** Siya'y magiging lugar na ladlaran ng mga lambat sa gitna ng dagat; sapagka't ako ang nagsalita sabi ng Panginoong Dios: at siya'y magiging samsam sa mga nasyon. **6** At ang kaniyang mga anak na babaye na nasa parang ay papatayin ng tabak: at kanilang makikilala na ako ang PANGINOON. **7** Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, aking dadalhin sa Tiro si Nebukadrezar na hari sa Babilonia, na hari ng mga hari, mula sa hilagaan, na may mga kabayo, at may mga karro, at may mga nangangabayo, at isang kawal, at maraming bayan. **8** Kaniyang papatayin ng tabak ang iyong mga anak na babaye sa parang: at siya'y gagawa ng mga katibayan laban sa iyo, at magtitinding ng isang bunton laban sa iyo, at magtataas ng lonkin laban sa iyo. **9** At kaniyang ilalagay ang kaniyang mga pangsira laban sa iyong mga kuta,

at sa pamamagitan ng kaniyang mga palakol ay kaniyang ibabagsak ang iyong mga moog. **10** Dahil sa kasaganaan ng kaniyang mga kabayo, tatakpan ka ng kaniyang alabok: ang iyong mga kuta ay uuga sa hugong ng mga mangangabayo, at ng mga vagon, at ng mga karro, pagka siya'y papasok sa iyong mga pintuangdaan, na gaya ng pagpasok ng tawo sa isang ciudad na pinaggawan ng isang paggiba. **11** Tutungtungan ng mga paa ng kaniyang mga kabayo ang lahat mong mga langsanang: papatayin niya ang iyong bayan ng tabak, at ang mga haligi ng iyong lakas ay bababa sa lupa. **12** At sila'y sasamsam ng iyong mga kayamanan, at lolooban ang iyong kalakal: at kanilang ibabagsak ang iyong mga kuta, at gigibain ang iyong mga masayang bahay: at ilahagis ang iyong mga bato, at ang iyong kahoy, at ang iyong alabok sa gitna ng mga tubig. **13** At aking patitigilin ang voces ng iyong mga awit; at ang tunog ng iyong mga alpa ay hindi na maririnig. **14** At gagawin kitang lual na bato: ikaw ay magiging lugar na ladlaran ng mga lambat; ikaw ay hindi na matatayo: sapagka't akong PANGINOON ang nagsalita, sabi ng Panginoong DIOS.

**15** Ganito ang sabi ng Panginoong DIOS sa Tiro: ; Hindi ba uuga ang mga pulo sa tunog ng iyong pagbagsak, pagka ang nasugatan ay dumadaing, pagka ang patayan ay nagawa sa gitna mo? **16** Kung magkagayo'y lahat na pangulo sa dagat ay bababa mula sa kanilang mga luklukan, at huhubarin ang kanilang mga balabal, at huhubuin ang kanilang mga damit na may burda: sila'y mangagsuot na may panginig; sila'y uupo sa lupa, at manginig sa tuituin, at mangatitigilan sa iyo. **17** At gagawin ka nilang panaghoy, at magsasabi sa iyong: ; Bakit ikaw ay nagiba, na tinatahanan ng mga tawong dagat, na bantog na ciudad, na malakas sa dagat, siya at ang mga mananahan sa kaniya, na nagpapangilabot sa lahat na tumatahan sa kaniya? **18** Ang mga pulo nga ay manginig sa kaarawan ng iyong pagbagsak; oo, ang mga pulo na nasa dagat ay manlulupaypay sa iyong pagyaon. **19** Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoong DIOS: Pagka ikaw ay aking gagawing gibang ciudad, na gaya ng mga ciudad na hindi tinatahanan; pagka aking dadalhin ang kalaliman sa iyo, at ang malaking tubig

ay tatakip sa iyo; **20** ibababa nga kita na kasama nila na bumababa sa balon, sa bayan ng una, at patatahanin kita sa mga malalim na bahagi ng lupa, sa mga lugar na nagiba ng una, na kasama ng mga bumaba sa hukay, upang ikaw ay huag tahanan; at ako'y maglalagay ng kualibatian sa lupain ng may buhay: **21** gagawin kitang kakilakilabot, at hindi ka na mabubuhay: бага man ikaw ay hanapin ay hindi ka na masusumpungan pa uli, sabi ng Panginoong DIOS.

**27** Ang salita ng PANGINOON ay dumating uli sa akin, na nagsabing: **2** At ikaw, anak ng tawo, bangitin mong panaghoy ang Tiro; **3** at sabihin mo sa Tiro: Oh ikaw na tumatahan sa pasukan sa dagat, na ikaw ang mangangalakal ng mga bayan sa maraming pulo, ganito ang sabi ng Panginoong DIOS: Ikaw, Oh Tiro, nagsabing: Ako'y sakdal sa kagandahan. **4** Ang iyong mga hanganan ay nasa puso ng mga dagat, ang mga nagsipagtayo sa iyo ay pinasakdal ang iyong kagandahan. **5** Kanilang ginawa ang iyong mga tablano ng mga puno ng abeto mula sa Senir: sila'y kumuha ng mga cedro mula sa Lebano, upang gawing palo ng sasakyan sa iyo. **6** Gumawa sila ng iyong mga saguan sa mga encina ng Basan; kanilang ginawa ang iyong mga banko na garing na nakakapit na kahoy na boj mula sa mga pulo ng Kitim. **7** Pinong kayong puti na yaring may burda na mula sa Egipto ang iyong layag, upang maging sa iyo'y isang bandila; kulay na azul at morado na mula sa mga pulo ng Elisa ang iyong kulambong. **8** Ang mga mananahan sa Zidon at sa Arvad ay iyong mga mananaguan: ang iyong mga pantas, Oh Tiro, ay nasa iyo, sila ang iyong mga piloto. **9** Ang mga matanda sa Gebal at ang mga pantas nooy sa iyo'y iyong mga maniniksik: ang lahat na sasakyan sa dagat sampuo ng mga mananaguan ng mga yaon ay nasa iyo upang pangasiwaan ang iyong kalakal. **10** Ang Persia, ang Lud at ang Put ay nasa iyong kawal, na iyong mga lalaking pangbaka: kanilang ibinitin ang kalasag at ang turbante sa iyo; sila'y nagiging iyong kagandahan. **11** Ang mga lalaki sa Arvad na kasama ng iyong kawal ay nasa ibabaw ng iyong mga kuta sa palibot, at ang Gammadim ay nasa iyong mga moog: kanilang isinabit ang kanilang mga kalasag sa iyong mga kuta sa palibot; kanilang pinasakdal ang iyong kagandahan. **12** Ang Tarsis

ay iyong mangangalakal dahil sa karamihan ng sarisaring kayamanan; na may pilak, bakal, lata, at tinga, sila'y nangangalakal sa iyong mga pamilihan. **13** Ang Javan, ang Tubal, at ang Mesek, mga iyong mangangalakal: kanilang kinakalakal ang mga pagkatawo ng mga tawo at ang mga sisidlan na tanso sa iyong pamilihan. **14** Ang mga sa bahay ng Togarma ay nangangalakal sa iyong mga pamilihan ng mga kabayo, at ng mga kabayong pangbaka at ng mga mula. **15** Ang mga lalaki sa Dedan ay iyong mangangalakal: maraming mga pulo ay nagdadala ng kalakal sa iyong kamay: kanilang dinadala sa iyo na pinakapalit ay mga sungay na garing at eban. **16** Naging mangangalakal mo ang Syria dahil sa karamihan ng iyong mga gawang kamay: sila'y mangangalakal sa iyong mga kalakal ng mga esmeralda, morado, at yaring may burda, at pinong kayong puti, at susò, at mga rubi. **17** Naging mga mangangalakal mo ang Juda, at ang lupain ng Israel: sila'y nangangalakal sa iyong kalakal ng trigo sa Minit, at ng panag, at ng pulot, at ng langis, at ng dagta. **18** Nangalakal sa iyo ang Damasko dahil sa karamihan ng iyong mga gawang kamay, dahil sa karamihan ng sarisaring kayamanan; sampuo ng alak sa Helbon at maputing lana. **19** Nangangalakal sa iyong mga kalakal ang Vedan at Javan sa Uzal: ang makinang na bakal, ang kasia, at ang mabangong kahoy, ay nasa iyong kalakal. **20** Naging iyong mangangalakal ang Dedan sa mga mahalagang kayo para sa pangangabayo. **21** Ang Arabia, at lahat na mga pangulo sa Kedar, mga naging mangangalakal ng iyong kamay; sa mga kordero, at mga lalaking tupa, at mga kambing, sa mga ito'y naging mga mangangalakal mo sila. **22** Ang mga mangangalakal sa Seba at sa Raama, mga naging iyong mangangalakal: sila'y nangangalakal sa iyong mga kalakal ng mga pinakamainam na pabango, at ng lahat na mahalagang bato, at ng ginto. **23** Ang Haran at ang Kane at ang Eden, na mga mangangalakal sa Seba, ang Asiria at ang Kilmad ay naging mga mangangalakal mo. **24** Ang mga ito ang iyong mga mangangalakal sa mga piling kalakal sa mga balutan ng mga yaring azul at may burda, na sa mga kaja ng mainam na bihisan, na atatalian ng mga sintas, at yaring cedro, sa gi na ng iyong kalakal. **25** Ang mga sasakyan sa Tarsis ay iyong mga pulutong

sa iyong kalakal: at ikaw ay napuno at naging totoong malualhati sa pusod ng mga dagat. **26** Dinala ka ng iyong mga mananaguan sa mga malaking tubig: binasag ka ng hanging silanganan sa pusod ng mga dagat. **27** Ang iyong kayamanan, at ang iyong mga kalakal, ang iyong tinda, at ang iyong mga mananaguan, at ang iyong mga piloto, ang iyong mga mininiksik, at ang mga namamahala ng iyong kalakal, at ang lahat mong lalaking pangbaka na nanga sa iyo, sampuo ng iyong lahat na pulutong na nasa gitna mo, mahuhulog sa pusod ng mga dagat sa kaarawan ng iyong pagkasira. **28** Sa hugong ng ingay ng iyong mga piloto, ang mga arrabal ay lilindol. **29** At lahat na tumatangnan ng saguan, na mga mananaguan at lahat ng piloto sa dagat, bababa sa kanilang mga sasakyan, sila'y tatayo sa ibabaw ng lupain, **30** at iparirinig ang kanilang voces sa iyo, at hihiyaw ng kapaitpait, at magbubuhos ng alabok sa kanilang mga ulo, sila'y magsisigulong sa mga abo: **31** at mangagpapakalbo sa iyo, at mangagbibigkis ng kayong magaspang, at kanilang iiyakan ka ng kapaitpait sa kalulua, na may mapait na pagtangis. **32** At sa kanilang pagtangis ay babangitin ka nilang panagboy, at tatangisan ka, na sasabihing: Sino ang gaya ng Tiro na gaya niya na nadala sa katahimikan sa gitna ng dagat? **33** Pagka ang iyong mga kalakal ay lumalabas sa mga dagat, iyong binubusog ang maraming bayan; iyong pinayaman ang mga hari sa lupa ng karamihan ng iyong mga kayamanan at ng iyong kalakal. **34** Sa panahon na ikaw ay basag sa tabi ng mga dagat sa kahaliman ng mga tubig, ang iyong kalakal at ang iyong boong pulutong ay nahulog sa gitna mo. **35** Lahat ng mananahan sa mga pulo ay natigilan sa iyo, at ang kanilang mga hari ay magsisindak ng di ano lamang, sila'y nabagabag sa kanilang mukha. **36** Ang mga mangangalakal sa gitna ng mga bayan ay sumusutso sa iyo; ikaw ay naging kakilakilabot, at hindi ka mabubuhay pa.

**28** Ang salita ng PANGINOON ay dumating uli sa akin, na nagsabing: **2** Anak ng tawo, sabihin mo sa pangulo sa Tiro: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sapagka't ang iyong puso ay nagmataas, at iyong sinabing: Ako'y dios, ako'y nauupo sa upuan ng Dios, sa gitna ng mga dagat: gayon man ikaw ay tawo, at hindi Dios, бага man iyong

inilagak ang iyong puso na parang puso ng Dios: **3** narito, ikaw ay lalong marinong kay Daniel; walang lihim na malilihim sa iyo: **4** sa pamamag-itan ng iyong karunungan at ng iyong kaalaman, nagkaroon ka sa iyo ng mga kayamanan, at nagkaroon ka ng ginto at pilak sa iyong mga kaja: **5** sa pamamag-itan ng iyong malaking karunungan at ng iyong kalakal ay napalago mo ang iyong mga kayamanan, at ang iyong puso ay nagmataas dahil sa iyong kayamanan: **6** kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sapagka't iyong inilagak ang iyong puso na parang puso ng Dios; **7** kaya't narito, ako'y magdadala ng mga taga ibang lupa sa iyo, na kakilakilabot sa mga nasyon: at kanilang bubuutin ang kanilang mga tabak laban sa kagandahan ng iyong karunungan, at kanilang dudumuhan ang iyong kakinangan. **8** Kanilang ibababa ka sa hukay; at ikaw ay mamamatay ng mga kamatayan niyaong nangapatay sa pusod ng mga dagat. **9** Sasabihin mo pa ba sa harap niya na pumapatay sa iyo: Ako'y Dios? Ngunit ikaw ay tawo, at hindi Dios, sa kamay niya na sumusugat sa iyo. **10** Ikaw ay mamamatay ng mga pagkamatay ng mga hindi tuli sa pamamagitan ng kamay ng mga taga ibang lupa: sapagka't ako ang nagsalita, sabi ng Panginoong Dios.

**11** Bukod dito'y ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin, na nagsabing: **12** Anak ng tawo bangitin mong panag-hoy ang hari sa Tiro, at sabihin mo sa kaniyang: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Iyong tinatatakan ang kabuonan, na puno ng karunungan, at sakdal sa kagandahan. **13** Ikaw ay nasa Eden na halamanan ng Dios; lahat na mahalagang bato ay iyong kasuotan, ang sardio, ang topacio, at ang diamante, ang berilo, ang onix, at ang jaspé, ang zafiro, ang esmeralda, at ang karbungko, at ang ginto: ang pagkayari sa iyong pandereta at iyong mga flauta ay napasa iyo; sa araw na ikaw ay lalangin ay mga nahananda. **14** Ikaw ang pinalihirang kerubin na tumatakip: at itinatag kita, na ako pa't ikaw ay nasa ibabaw ng santong bundok ng Dios; ikaw ay nagpanhik manaog sa gitna ng mga batong apoy. **15** Ikaw ay sakdal sa iyong mga lakad mula sa araw na ikaw ay lalangin, hangang sa ang di kabanalan ay masumpungan sa iyo. **16** Dahil sa karamihan ng iyong

kalakal ay kanilang pinuno ang gitna mo ng pangdadahas, at ikaw ay nagkasala: kaya't inihagis kitang parang dumi mula sa bundok ng Dios; at aking giniba kita, Oh tumatakip na kerubin, mula sa gitna ng mga batong apoy. **17** Ang iyong puso ay nagmataas dahil sa iyong kagandahan, iyong ipinahamak ang iyong karunungan dahil sa iyong kakinangan: aking inihagis kita sa lupa, aking inilagay kita sa harap ng mga hari, upang kanilang masdan ka. **18** Sa pamamag-itan ng karamihan ng iyong mga kasam-an, sa kasam-an ng iyong pangangalakal, iyong dinumhan ang iyong mga santuario; kaya't ako'y naglabas ng apoy sa gitna mo, sinupok ka, at pinapaging abo sa ibabaw ng lupa sa paningin ng lahat na tumitingin sa iyo. **19** Silang lahat na nakakakilala sa iyo sa gitna ng mga bayan, mangaitigilan sa iyo: ikaw ay naging kakilakilabot, at ikaw ay hindi na mabubuhay pa.

**20** At ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin, na nagsabing: **21** Anak ng tawo, ititig mo ang iyong mukha sa Zidon, at manghula ka laban doon, at iyong sabihing: **22** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, ako'y laban sa iyo, Oh Zidon; at ako'y lulualhati sa gitna mo: at kanilang makikilala na ako ang Panginoon, pagka ako'y gagawa ng kahatulan sa kaniya, at sasantohan sa kaniya. **23** Sapagka't ako'y magsusugo sa kaniya ng salot at dugo sa kaniyang mga langganan; at ang mga may sugat ay mabubual sa gitna niya, sa pamamag-itan ng tabak sa kaniya sa lahat ng dako; at kanilang makikilala na ako ang Panginoon. **24** At hindi na magkakaroon pa ng dawag na nakakasalubob sa bahay ng Israel, o ng tinik mang mapangpahirap sa alin man sa nasa palibot niya, na nagwalang kabuluhan sa kanila; at kanilang makikilala na ako ang Panginoong Dios.

**25** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Pagka aking napisan ang bahay ng Israel mula sa mga bayan na kanilang pinangalanan, at ako'y mapapagingsanto sa kanila sa paningin ng mga uacien, sila nga'y tatahan sa kanilang sariling lupain na aking ibinigay sa aking aliying kay Jakob. **26** At sila'y tatahang tiwasay doon; oo, sila'y magtatayo ng mga bahay, at magtatanim ng mga uvasan, at tatahang tiwasay; pagka ako'y nakagawa ng mga kahatulan sa lahat na nagwawalang kabuluhan sa palibot nila;

at kanilang makikilala na ako ang PANGINOONG kanilang Dios.

**29** Ng ikasampung taon, sa ikasampung buan, sa ikalabing dalawa ng buan, ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **2** Anak ng tawo, ititig mo ang iyong mukha laban kay Paraon na hari sa Egipto, at manghula ka laban sa kaniya, at laban sa boong Egipto: **3** Iyong salitain, at iyong sabihing: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, ako'y laban sa iyo, Paraong hari sa Egipto, na malaking boaya na nahihiga sa gitna ng kaniyang mga ilog, na nagsabing: Ang ilog ko ay aking sarili, at aking ginawa para sa aking sarili. **4** At ako'y maglalagay ng mga taga sa iyong mga pangang, at aking padidikitin ang isda ng iyong mga ilog sa iyong mga kaliskis; at aking isasampa kita mula sa gitna ng iyong mga ilog, na kasama ng lahat na isda ng iyong mga ilog na magsisidikit sa iyong mga kaliakis. **5** At aking iiwan kita sa ilang, ikaw at ang lahat na isda ng iyong mga ilog: ikaw ay mabubual sa lual na parang; ikaw ay hindi pipisarin o populutin man: aking ibinigay kitang pagkain sa mga hayop sa lupa, at sa mga ibon sa himpapawid. **6** At lahat ng mananahan sa Egipto ay makakakilala na ako ang PANGINOON, sapagka't sila'y naging tukod na tambo sa bahay ng Israel. **7** Ng kanilang pigilan ka sa iyong kamay, iyong binali, at iyong sinugatan ang lahat nilang balikat: at ng sila'y humilig sa iyo, iyong binalian, at iyong ipinagwasiwasan. **8** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, ako'y magdadala ng tabak sa iyo, at aking ihihiwalay sa iyo ang tawo at hayop. **9** At ang lupain ng Egipto ay magiging giba at sira; at kanilang makikilala na ako ang PANGINOON: sapagka't kaniyang sinabing: Ang ilog ay akin, at aking ginawa. **10** Kaya't, narito, ako'y laban sa iyo, at laban sa iyong mga ilog, at aking lubos na gigibain at sisirain ang lupain ng Egipto, mula sa moog ng Sevene hangang sa hanganan ng Etiopia. **11** Walang paa ng tawo na daraan doon, o paa man ng hayop ay daraan doon, o tatahanan man siyang apat na puong taon. **12** At aking gagawing giba ang lupain ng Egipto sa gitna ng mga lupain na giba, at ang kaniyang mga ciudad sa gitna ng mga ciudad na sira ay magiging giba na apat na puong taon: at

aking pangangalatin ang mga taga Egipto sa gitna ng mga nasyon, at aking panabugbin sila sa mga lupain. **13** Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sa katapusan ng apat na puong taon ay aking pipisanin ang mga taga Egipto, mula sa mga bayan na kanilang pinangalatan: **14** at aking ibabalik uli ang mga bihag sa Egipto, at aking pabalik sila sa lupain ng Patros, na lupain na kinapanganakan sa kanila; at sila'y magiging doo'y isang mababang kaharian. **15** Siyang magiging pinakamababa sa mga kaharian; at hindi na matataas pa man ng higit kay sa mga nasyon: at aking babawasan sila, upang huag na silang magpuno sa mga nasyon. **16** At hindi na magiging pag-asa pa ng bahay ng Israel, na nagpapalaala ng kasam-an, pagka kanilang lilingonin sila: at kanilang makikilala na ako ang Panginoong Dios.

**17** At nangyari, sa ikadalawang puot pitong taon, sa unang buan, sa una ng buan, ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **18** Anak ng tawo, pinapaglilingkod ng mabigat ni Nebukadrezar na hari sa Babilonia ang kaniyang kawal laban sa Tiro: lahat ng ulo ay nakalbo, at lahat ng balikat ay nalapnos: gayon ma'y wala siyang kaupahan, o ang kaniyang kawal man, mula sa Tiro, sa paglilingkod na kaniyang ipinaglingkod laban doon: **19** kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, aking ibibigay ang lupain ng Egipto kay Nebukadrezar na hari sa Babilonia; at dadalhin niya ang kaniyang karamihan, at kukunin ang samsam sa kaniya, at aagawin ang huli sa kaniya; at magiging kaupahan para sa kaniyang kawal. **20** Ibinigay ko sa kaniya ang lupain ng Egipto na pinakaganti sa kaniya dahil sa kaniyang ipinaglingkod, sapagka't sila'y gumawa ng dahil sa akin, sabi ng Panginoong Dios.

**21** Sa araw na yao'y aking pasisibulin ang isang sungay upang tumulong sa bahay ng Israel, at aking ibibigay sa iyo ang pagbubuka ng bibig sa gitna nila; at kanilang makikilala na ako ang PANGINOON.

**30** Ang salita ng PANGINOON ay dumating uli sa akin, na nagsabing: **2** Anak ng tawo, manghula ka, at iyong sabihing: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Umangal kayo, sa aba ng araw na yaon! **3** Sapagka't ang kaarawan ay malapit na, ang kaarawan ng PANGINOON.

NOON ay malapit na kaarawan ng pag-aalapaap; magiging panahon ng mga walang Dios. **4** At isang tabak ay darating sa Egipto, at kadalambhatian ay sasa Etiopia, pagka ang napatay ay nabubual sa Egipto; at dadalhin nila ang kaniyang karamihan, at ang kaniyang mga cimiento ay mawawasak. **5** Ang Etiopia, at ang Put, at ang Lud, at ang boong halohalong bayan, at ang Kub, at ang mga anak ng lupain na nasa pagkakasundo, mabubual na kasama nila sa pamamag-itan ng tabak.

**6** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Sila namang umalalay sa Egipto ay mabubual, at ang kapalaluan ng kaniyang kapangyarihan ay mabababa: mula sa moog ng Sevene ay mabubual sila doon sa pamamag-itan ng tabak, sabi ng Panginoong Dios. **7** At sila'y magigiba sa gitna ng mga lupain na giba, at ang kaniyang mga ciudad ay ibibilang sa mga ciudad na sira. **8** At kanilang makikilala na ako ang PANGINOON, pagka ako'y naglagay ng apoy sa Egipto, at lahat niyang mga katulong ay nalipol. **9** Sa araw na yaon ay lalabas ang mga sugo mula sa harap ko sa mga sasakyan upang panginigin ang mga walang bahalang taga Etiopia; at magkakaroon ng pagkapighati sa kanila, gaya sa kaarawan ng Egipto; sapagka't narito, dumarating.

**10** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Akin namang paglilikatin ang karamihan ng Egipto, sa pamamag-itan ni Nebukadrezar na hari sa Babilonia. **11** Siya at ang kaniyang bayan na kasama niya, na kakilakilabot sa mga nasyon, ipapasok upang gibain ang lupain; at kanilang bahawakan ang kanilang mga tabak laban sa Egipto, at pupunuin ang lupain ng napatay. **12** At aking tutayuin ang mga ilog, at aking ipagbibili ang lupain sa kamay ng mga masamang tawo; at aking gagawing giba ang lupain, at lahat na nandoon, sa pamamag-itan ng kamay ng mga taga ibang lupa: Akong PANGINOON ang nagsalita.

**13** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Akin namang gigibain ang mga idolo, at aking paglilikatin ang mga larawan sa Nof; at hindi na magkakaroon pa ng pangulo sa lupain ng Egipto: at ako'y maglalagay ng katakutan sa lupain ng Egipto. **14** At aking gagawing giba ang Patros, at magsisilab ng apoy sa Zoan, at gagawa ako ng mga kabatulan sa No. **15** At aking ibubuhos ang aking pag-aalab ng loob sa Sin, na katibayan ng

Egipto; at aking ihihwalay ang karamihan ng No. **16** At ako'y maglalagay ng apoy sa Egipto; ang Sin ay malalagay sa malaking kadalambhatian, at ang No ay magigiba: at ang Nof ay magkakaroon ng mga kaaway sa kaarawan. **17** Ang mga binata sa Aven at sa Pi-beset ay mabubual sa pamamag-itan ng tabak: at ang mga ciudad na ito ay papasok sa pagkabiha. **18** Sa Tahafnehes nama'y magdidilim ang araw, pagka aking giniba roon ang mga pamatok ng Egipto, at ang kapalaluan ng kaniyang kapangyarihan ay maglilikat doon: tungkol sa kaniya ay tatakpan siya ng alapaap, at ang kaniyang mga anak na babaye ay papasok sa pagkabiha. **19** Ganito gagawa ako ng mga kahalutan sa Egipto: at kanilang makikilala na ako ang PANGINOON.

**20** At nangyari ng ikalabing isang taon, sa unang buan, sa ikapito ng buan, na ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **21** Anak ng tawo, aking binali ang kamay ni Faraon na hari sa Egipto; at, narito, hindi natapalan, upang lapatan ng mga gamot, na lagyan ng isang tapal upang talian, upang humawak na matibay ng tabak. **22** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, ako'y laban kay Faraon na hari sa Egipto, at aking babaliin ang kaniyang mga kamay, ang malakas at ang nabali; at aking palalagpakin ang tabak mula sa kaniyang kamay. **23** At aking pangangalatin ang mga taga Egipto sa gitna ng mga nasyon, at pananabugin ko sila sa mga lupain. **24** At aking palalakasin ang mga kamay ng hari sa Babilonia, at ilalagay ko ang aking tabak sa kaniyang kamay; nguni't aking babaliin ang mga kamay ni Faraon, at siya'y dadaing sa harap noon ng mga daing ng tawong nasugatan ng ikamamatay. **25** At aking aalalayan ang mga kamay ng hari sa Babilonia, at ang mga kamay ni Faraon ay mababagsak; at kanilang makikilala na ako ang PANGINOON, pagka aking ilalagay ang aking tabak sa kamay ng hari sa Babilonia, at kaniyang iuunat sa lupain ng Egipto. **26** At aking pangangalatin ang mga taga Egipto sa gitna ng mga nasyon, at pananabugin ko sila sa mga lupain; at kanilang makikilala na ako ang PANGINOON.

**31** At nangyari ng ikalabing isang taon, sa ikatlong buan, sa unang araw ng buan, na ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **2** Anak

ng tawo, sabihin mo kay Faraon, na hari sa Egipto, at sa kaniyang karamihan: ? Sino ang iyong kawangis sa iyong kalakhan? **3** Narito, ang taga Asiria ay isang cedro sa Lebano, na may magandang mga sangá, at may mayabong na lilim, at may mataas na kataasan; at ang kaniyang dulo ay nasa gitna ng mga mayabong na sangá. **4** Kinakandili siya ng mga tubig, pinatutubo siya ng kalaliman: ang kaniyang mga ilog ay umaagos sa palibot ng kaniyang kinatatamnan at kaniyang pinayayaon ang kaniyang mga bangbang sa lahat ng mga punong kahoy sa parang. **5** Kaya't ang kaniyang kataasan ay nataas ng higit kay sa lahat na mga punong kahoy sa parang; at ang kaniyang mga sangá ay dumami, at ang kaniyang mga sangá ay humaba dahil sa karamihan ng tubig, ng kaniyang mga paagusin. **6** Lahat ng mga ibon sa himpapawid ay gumawa ng kanilang mga pugad sa kaniyang mga sangá, at sa ilalim ng kaniyang mga sangá ay nanganak ang lahat na mga hayop sa parang, at sa ilalim ng kaniyang lilim ay tumatahan ang lahat na malaking nasyon. **7** Naging maganda siya na ganito sa kaniyang kalakhan, sa kababaan ng kaniyang mga sangá: sapagka't ang kaniyang ugat ay nasa siping ng maraming tubig. **8** Ang cedro sa halamanan ng Dios, hindi nakakubli sa kaniya: ang puno ng higos ay hindi gaya ng kaniyang mga sangá, at ang mga puno ng kastaño ay hindi gaya ng kaniyang mga sangá; o may ano mang punong kahoy sa halamanan ng Dios na kagaya niya sa kaniyang kagandahan. **9** Pinaganda ko siya sa karamihan ng kaniyang mga sadga: na ano pa't lahat ng punong kahoy sa Eden, na nasa halamanan ng Dios, nanaghili sa kaniya.

**10** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sapagka't ikaw ay nataas sa kataasan, at inilagay niya ang kaniyang dulo sa gitna ng mga mayabong na sangá, at ang kaniyang puso ay nagmataas sa kaniyang pagkataas; **11** aking ibibigay nga siya sa kamay ng makapangyarihan sa mga nasyon; siya'y gagawan ng kabangisan: aking palalayasin niya dahil sa kaniyang kasam-an. **12** At ang mga taga ibang lupa, ang kakilakilabot sa mga nasyon, inihiwalay siya at nagpabaya sa kaniya: sa ibabaw ng mga bundok at sa lahat na libis ay nalaglag ang kaniyang mga sangá, at ang kaniyang mga sangá ay nabali sa siping ng lahat na batis sa lupain; at lahat ng bayan sa lupa ay

bumaba na mula sa kaniyang lilim at iniwan siya. **13** Sa kaniyang kasiraan ay tatahan ang lahat ng ibong sa himpapawid, at lahat ng hayop sa parang ay dadapo sa kaniyang mga sangá: **14** upang walang magmataas sa kanilang kataasan sa lahat na punong kahoy sa siping ng mga tubig, o ilagay man ang kanilang dulo sa gitna ng mga mayabong na sangá, o ang kanila mang mga makapangyarihan ay tumayo sa kanilang pagkataas, yaong lahat na humihitit ng tubig: sapagka't silang lahat ay nabigay sa kamatayan, sa pinakamalalim na bahagi ng lupa, sa gitna ng mga anak ng tawo, na kasama ng mga bumaba sa hukay.

**15** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Ng araw na siya'y manaog sa libingan ay nagpapanangis ako: aking tinakpan ang kalaliman para sa kaniya, at pinigil ko ang mga ilog niya, at ang mga malaking tubig ay tumigil: at aking pinatangis sa kaniya ang Lebano, at ang lahat na punong kahoy sa parang ay nanlupaypay dahil sa kaniya. **16** Aking pinalindol ang mga nasyon sa hugong ng kaniyang pagkabual, ng aking ihagis siya sa libingan na kasama ng mga bumaba sa hukay: at ang lahat na punong kahoy sa Eden, ang pili at pinakamahusay sa Lebano, lahat ng humihitit ng tubig ay naaliw sa pinakamalalim na bahagi ng lupa. **17** Sila nama'y bumaba sa libingan na kasama niya sa kanila na napatay ng tabak; oo, silang pinakakamay niya na tumatahan sa kaniyang lilim sa gitna ng mga nasyon.

**18** Sino ang gaya mong ganito sa kalualhatian at sa kalakhan sa gitna ng mga punong kahoy sa Eden? gayon ma'y mabababa ka na kasama ng mga punong kahoy sa Eden, sa pinakamalalim na bahagi ng lupa: ikaw ay malalagay sa gitna ng mga di tuli, na kasama ng mga napatay ng tabak. Ito'y si Faraon at ang boo niyang karamihan, sabi ng Panginoong Dios.

**32** At mangyari, ng ikalabing dalawang taon, sa ikalabing dalawang buan, sa unang araw ng buan, na ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **2** Anak ng tawo, bangitan mo ng isang panaghoy si Faraong hari sa Egipto, at sabihin mo sa kaniyang: Ikaw ay kawangis ng isang batang leon sa mga nasyon, at ikaw ay gaya ng boaya sa mga dagat; at ikaw ay sumagupa

sa iyong mga ilog at nilabo mo ang mga tubig ng iyong mga paa, at dinumhan mo ang kanilang mga ilog. **3** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Aking ilaladlad ang aking lambat sa iyo na kasama ng isang pulutong ng maraming bayan; at isasampa ka nila sa aking lambat. **4** At iwan kita sa lupain, ihalagis kita sa lual na parang, at aking padadapuin sa iyo ang lahat na ibon sa himpapawid, at aking bubusugin ang mga hayop ng boong lupa sa iyo. **5** At aking ilalagay ang iyong laman sa ibabaw ng mga bundok, at pupunuin ko ang mga libis ng iyong kataasan. **6** Akin namang didiligin ng iyong dugo ang lupain na iyong nilalanguyan, pati ng mga bundok; at ang mga batis ay mapupuno mo. **7** At pagka ikaw ay aking nautas, aking tatakpan ang langit, at padidilimin ko ang mga bituin noon; aking tatakpan ang araw ng alapaap, at ang buan ay hindi magbibigay ng kaniyang liwanag. **8** Lahat na makinang na liwanag sa langit ay aking padidilimin sa iyo, at tatakpan ko ng kadiliman ang iyong lupain, sabi ng Panginoong Dios. **9** Akin namang papanalawin ang puso ng maraming bayan, pagka aking dadalhin ang iyong kagibaan sa gitna ng mga nasyon, sa mga lupain na hindi mo nakilala. **10** Oo, aking papangigilalasin ang maraming bayan sa iyo, at ang kanilang mga hari ay masisindak sa iyo, pagka aking ikinumpas ang aking tabak sa harap nila; at sila'y manginginig tuituina, bawa't tawo dahil sa kaniyang sariling buhay sa kaarawan ng iyong pagkabual. **11** Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Ang tabak ng hari sa Babilonia ay darating sa iyo. **12** Sa pamamag-itan ng mga tabak ng makapangyarihan ay aking ipabubual ang iyong karamihan; kakilakilabot sa mga nasyon silang lahat: at kanilang sasamsamin ang kapalaluan ng Egipto, at ang boong karamihan noo'y magigiba. **13** Akin namang lilipuling lahat ang mga hayop noon mula sa siping ng maraming tubig; at hindi na lalabuin pa man sila ng paa ng tawo, o ang kuko man ng mga hayop ay lalabo sa mga yaon. **14** Kung magkagayo'y aking palilinawin ang kanilang mga tubig, at aking paaagusin ang kanilang mga ilog na parang langis, sabi ng Panginoong Dios. **15** Pagka aking gagawin ang lupain ng Egipto na giba at sira, na lupaing iniwan ng lahat na nandoon, pagka aking susugatan silang lahat

na tumatahan doon, kanila ngang makikilala na ako ang PANGINOON. **16** Ito nga ang panaghoy na kanilang itatagho; na ipinanaghoy ng mga anak na babaye ng mga nasyon: sa Egipto, at sa lahat na kaniyang karamihan ay itatagho'y nila, sabi ng Panginoong Dios.

**17** Nangyari naman sa ikalabing dalawang taon, sa ikalabing lima ng buan, na ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **18** Anak ng tawo, taghuyan mo ang karamihan ng Egipto, at ibaba mo sila, siya, at ang mga anak na babaye ng mga bantog na nasyon, sa pinakamalalim na bahagi ng lupa, na kasama ng mga bumaba sa hukay. **19** Sinong iyong dinadaig sa kagandahan? ikaw ay bumaba, at malagay kang kasama ng mga di tuli. **20** Sila'y mabubual sa gitna nila na napatay ng tabak: siya'y nabigay sa tabak: iyong ilabas siya at ang lahat niyang karamihan. **21** Ang malakas sa gitna ng makapangyarihan ay magsasalita sa kaniya na mula sa gitna ng libingan na kasama ng mga tumutulong sa kaniya: sila'y bumaba, sila'y nakatigil, ang hindi tuli, na napatay ng tabak. **22** Ang Assur ay nandoon at ang boo niyang pulutong; ang kaniyang mga libingan ay nasa palibot niya: silang lahat na napatay, na nabual sa pamamag-itan ng tabak: **23** na ang mga libingan ay nalalagay sa pinakamalalim na bahagi ng hukay, at ang kaniyang pulutong ay nasa palibot ng kaniyang libingan: silang lahat na napatay, na nabual sa pamamag-itan ng tabak, na nakapangilabot sa lupain ng may buhay. **24** Nandoon ang Elam at ang boo niyang karamihan sa palibot ng kaniyang libingan: silang lahat na napatay na nabual sa pamamag-itan ng tabak, na bumabang hindi tuli sa pinakamalalim na bahagi ng lupa, na nakapangilabot sila sa lupain ng may buhay, at dinala ang kanilang kahihiyang na kasama ng mga bumaba sa hukay. **25** Inilagay nila ang kaniyang hihigan sa gitna ng napatay na kasama ng boong karamihan niya; ang kaniyang mga libingan ay nasa palibot niya: silang lahat na di tuli na napatay sa pamamag-itan ng tabak; sapagka't nakapangilabot sila sa lupain ng may buhay, at dinala nila ang kanilang kahihiyang na kasama ng mga bumaba sa hukay: siya'y nalagay sa gitna nila na napatay. **26** Nandoon ang Mesek, ang Tubal, at ang boo niyang karamihan; ang mga



libingan niya ay nasa palibot niya: silang lahat na hindi tuli, na napatay sa pamamag-itan ng tabak; sapagka't sila'y nakapagpangilabot sa lupain ng may buhay. **27** At sila'y hindi nahihiga na kasama ng makapangyarihan na nabual sa mga di tuli, na bumaba sa libingan na may kanilang mga sakbat na pangbaka, at naglagay ng kanilang mga tabak sa ilalim ng kanilang mga ulo, at ang kanilang mga kasam-an ay nasa kanilang mga buto; sapagka't sila ang kakilabutan ng makapangyarihan sa lupain ng may buhay. **28** Ngunit ikaw ay mababasag sa gitna ng di tuli, at ikaw ay mahihiga na kasama nila na napatay sa pamamag-itan ng tabak. **29** Nandoon ang Edom, ang kaniyang mga hari at lahat niyang pangulo, na sa kanilang kapangyarihan ay nahiga na kasama ng mga napatay sa-pamamag-itan ng tabak: sila'y mahihiga na kasama ng di tuli, at nila na bumaba sa hukay. **30** Nandoon ang mga pangulo sa hilagaan, silang lahat, at lahat ng Zidonio, na bumaba na kasama ng napatay; silang nagpangilabot ng kanilang kapangyarihan sila'y napa-hiya; at sila'y nahihigang hindi tuli na kasama ng mga napatay sa pamamag-itan ng tabak, at dinadala ang kanilang kahihyan na kasama ng bumaba sa hukay. **31** Makikita sila ni Faraon, at ma-aaliw sa lahat niyang karamihan: si Faraon at ang boo niyang kawal, na napatay ng tabak, sabi ng Panginoong Dros. **32** Sapagka't inilagay ko ang kaniyang kakilabutan sa lupain ng may buhay: at siya'y ihihiga sa gitna ng di tuli, na kasama ng mga napatay sa pamamag-itan ng tabak, si Faraon at ang boong karamihan niya, sabi ng Panginoong Dros.

**33** At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing: **2** Anak ng tawo, salitain mo sa mga anak ng iyong bayan, at sabihin mo sa kanilang: Pagka aking dinala ang tabak sa lupain, kung ang bayan ng lupain ay kumuha ng isang lalaki sa gitna nila, at ilagay na pinakabantay nila: **3** kung pagkakita niya ng tabak na dumarating sa lupain, kaniyang hipan ang pakakak, at magbigay alam sa bayan; **4** sino man ngang makarinig ng tunog ng pakakak, at hindi kumuhang alam kung ang tabak ay dumating at dalhin siya, ang kaniyang dugo ay mapapasa kaniyang sariling ulo.

**5** Narinig niya ang tunog ng pakakak, at hindi kumuhang alam; ang kaniyang dugo ay sasa kaniya: sapagka't kung siya'y kumuhang alam ay kaniyang nailigtas ang kaniyang kalulua. **6** Ngunit kung makita ng bantay na dumarating ang tabak, at hindi humihip ng pakakak, at ang bayan ay hindi napagbigyang-alam, at ang tabak ay dumating, at maghiwalay ng sino man mula sa gitna nila; siya'y nahiwalay sa kaniyang kasam-an, ngunit ang kaniyang dugo ay sisiyasatin ko sa kamay ng bantay. **7** Sa gayo'y ikaw, anak ng tawo, ay inilagay ko na bantay sa bahay ng Israel; kaya't dingin mo ang salita sa aking bibig, at magbigay alam ka sa kanila sa ganang akin. **8** Pagka aking sinabi sa masama; Oh masamang tawo ikaw ay walang pagsalang mamamatay, at ikaw ay hindi nagsasalita upang magbigay alam sa masama ng kaniyang lakad; ang masamang yaon ay mamamatay sa kaniyang kasam-an, ngunit ang kaniyang dugo ay sisiyasatin ko sa iyong kamay. **9** Gayon ma'y kung iyong pagbigyang-alam ang masama ng kaniyang lakad upang humiwalay, at hindi niya hiniwalayan ang kaniyang lakad; mamamatay siya sa kaniyang kasam-an, ngunit iniligtas mo ang iyong kalulua.

**10** At ikaw, anak ng tawo, sabihin mo sa bahay ng Israel: Ganito ang iyong sinasalita, na sinasabing: Ang aming pagsalangsang at ang aming mga kasalanan ay nasa aming, at aming mga pinanlulupaypayan; paano ngang kami ay mabubuhay? **11** Sabihin mo sa kanilang: Buhay ako, sabi ng Panginoong Dros, wala akong kasayahan sa kamatayan ng masama; kungdi ang masama ay humiwalay sa kaniyang lakad at mabuhay: kayo'y magbalik, kayo'y magbalik na mula sa inyong masamang mga lakad; sapagka't bakit kayo mamamatay, Oh bahay ng Israel? **12** At ikaw, anak ng tawo, sabihin mo sa mga anak ng iyong bayan: Ang kabanalan ng banal ay hindi makapagliligtas sa kaniya sa kaarawan ng kaniyang pagsalangsang; at tungkol sa kasam-an ng masama, hindi niya kabubualan sa araw na kaniyang hiwalayan ang kaniyang kasam-an: at hindi ikabubuhay ng banal ang kaniyang kabanalan sa araw na siya'y magkasala. **13** Pagka aking sasabihin sa banal na siya'y walang pagsalang mabubuhay; kung siya'y umasa sa kaniyang sariling kaba-

nalan, at magkamit ng kasam-an, ano man sa kaniyang mga banal na gawa ay hindi aalalahanin; kungdi sa kaniyang kasam-an na kaniyang nakamit, kama-matayan niya. **14** Muli, pagka aking sinabi sa masama: Ikaw ay walang pagsalang mamamatay; kung kaniyang iwan ang kaniyang kasalanan, at gawin ang tapat at matuid; **15** kung isauli ng masama ang sanla, ibigay uli ang kinuha sa pagnanakaw, lumakad sa palatuntunan ng buhay, na walang pagkakamit ng kasam-an; siya'y walang pagsalang mabubuhay, siya'y hindi mamamatay. **16** Wala sa kaniyang mga kasalanan na kaniyang nakamit na aalalahanin laban sa kaniya: kaniyang ginawa ang tapat at matuid; siya'y walang pagsalang mabubuhay. **17** Gayon ma'y sinasabi ng mga bata ng iyong bayan: Ang daan ng Panginoon ay hindi parejo: ngunit tungkol sa kanila, ay hindi parejo ang kanilang lakad. **18** Pagka iniwan ng banal ang kaniyang kabanalan, at nagkakamit ng kasam-an, kaniyang ikamamatay. **19** At kung hiwalayan ng masama ang kaniyang kasam-an, at gumawa ng tapat at matuid, kaniyang ikabubuhay. **20** Gayon ma'y inyong sinasabing: Ang daan ng Panginoon ay hindi parejo. Oh kayong bahay ng Israel, aking hahatulan kayo bawa't isa, ayon sa kaniyang mga lakad.

**21** At nangyari ng ikalabing dalawang taon ng ating pagkakahig, sa ikasampung buan, sa ikalimang araw ng buan, na isa na nakataanan mula sa Jerusalem ay napaaroon sa akin, na nagsabing: Ang ciudad ay nasugatan. **22** Ang kamay nga ng Panginoon ay sumaaakin ng kinahapunan, bago dumating ang nakataanan; at ibinuka niya ang aking bibig, hangang sa siya'y dumating sa akin sa kinamagahan; at ang aking bibig ay nabuka at hindi na ako pipi. **23** At ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin, na nagsabing: **24** Anak ng tawo, ang mga tumataban sa mga sirang lugar na yaon ng lupain ng Israel nagsasalita, na sinasabing: Si Abraham ay isa at kaniyang minuna ang lupain: ngunit tayo'y marami; ang lupain ay ibinigay sa ating pinakamana. **25** Kaya't sabihin mo sa kanilang: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Kayo'y kumakain ng may dugo, at itinataas ninyo ang inyong mga mata sa inyong mga idolo, at nagbububo ng dugo: ? at inyong aariin ang lupain? **26** Ka-

yo'y tumatayo sa inyong tabak, kayo'y gumagawa ng kasuklamsuklam, at kayo'y nagdudumi bawa't isa ng asawa ng kaniyang kapua: ? at inyong aariin ba ang lupain? **27** Sabihin mong ganito sa kanilang: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Buhay ako, walang pagsalang sirang nasa mga sirang lugar ay mabubual sa pamamagitan ng tabak, at siyang nasa lual na parang ay ibinigay ko sa mga hayop upang lamunin, at sirang mga nasa mga katibayan at sa mga yungib ay mamamatay sa salot. **28** At aking ilalagay na pinakagiba ang lupain at pinakakatigilan, at ang kahambugan ng kaniyang lakas ay titigil; at ang mga bundok sa Israel ay magigiba, na walang dadaan. **29** Kung magkagayo'y makikilala nila na ako ang Panginoon, pagka aking inilagay na giba at katigilan ang lupain dahil sa lahat nilang kasuklamsuklam na kanilang nakamit. **30** At tungkol sa iyo anak ng tawo, tungkol sa iyo anak ng tawo, pinagsasalitaan ka pa ng mga anak ng iyong bayan sa siping ng mga pader at sa mga pintuan ng mga bahay, at nagsasalita ang isa't isa, bawa't isa'y sa kaniyang kapatid, na sinasabing: Aba tayo, isinasama ko sa iyo, at dingin ninyo kung ano ang salita na nangagaling sa Panginoon. **31** At dumarating sa iyo na parang ang bayan ay dumarating, at sila'y sumuupo sa harap mo na parang aking bayan, at kanilang dinidinig ang iyong mga salita, ngunit hindi nila mga ginagawa: sapagka't sila'y nagsasalita ng malaking pag-ibig ng kanilang bibig, ngunit ang kanilang puso ay sumusunod sa kanilang pakinabang. **32** At, narito, ikaw ay parang masayang awit sa kanila na may maligayang voces, at makatutugtog na mabuti: sapagka't kanilang naririnig ang iyong mga salita, ngunit hindi nila mga ginagawa. **33** At pagka ito'y nangyari, (narito, nangyari,) kanila ngang makikilala na isang profeta ay nasa gitna nila.

**34** At ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin, na nagsabing: **2** Anak ng tawo, manghula ka laban sa mga pastor ng Israel, ikaw ay manghula, at iyong sabihin sa kanila, sa mga pastor: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: ? Sa aba ng mga pastor ng Israel na nagkakainan! ? hindi ba marapat pakanin ng mga pastor ang mga tupa? **3** Kayo'y kumskain ng gatas, at kayo'y nananamit sa iyo ng lana, inyong mga pinapatay

ang pinataba; nguni't hindi ninyo pinakakain ang mga tupa. **4** Hindi ninyo pinalakas ang payat, o inyo mang ginamot ang may sakit, o inyo mang tinalian ang may bali, o inyo mang ibinalik ang naligaw, o inyo mong hinanap ang nawala; kungdi inyong mga pinagpunuang may karahasan at may katampalasanau. **5** At sila'y nangalat dahil sa walang pastor: at sila'y naging pagkain sa lahat ng hayop sa parang, at sila'y nangalat. **6** Ang aking mga tupa ay gumagala sa lahat ng bundukin at sa lahat na mataas na burol: oo, ang aking mga tupa ay nangalat sa boong balat ng lupa; at walang magsiyasat o humanap sa kanila. **7** Kaya't kayong mga pastor, dingin ninyo ang salita ng PANGINOON: **8** Buhay ako, sabi ng Panginoong Dios, walang pagsala na dahil sa ang aking mga tupa ay naging huli, at ang aking mga tupa ay naging pagkain sa lahat na hayop sa parang, sapagka't walang pastor, o hinanap man ng aking mga pastor ang aking mga tupa, kungdi ang mga pastor ay nangagkainan, at hindi pinakain ang aking mga tupa; **9** kaya't Oh kayong mga pastor, dingin ninyo ang salita ng PANGINOON: **10** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios; Narito, ako, ako, sisiya at ng aking mga tupa, at aking hahanapin sa kanila. **12** Kung paanong hahanapin ng pastor ang kaniyang kawan sa kaarawan na siya'y nasa gitna ng kaniyang mga tupa na nanganal; gayon ko hahanapin ang aking mga tupa, at mga ililigtas ko sa lahat ng lugar na kanilang pinangalatan sa maulap at madilim na araw. **13** At aking mga ilalabas sa mga bayan at mga pipisain mula sa mga lupain, at mga dadalhin ko sa kanilang sariling lupain; at mga pasasabsabin ko sa mga bundok ng Israel, sa tabi ng mga batis, at sa lahat na tinatahanang lugar sa lupain. **14** Aking pasasabsabin sila sa mabuting pasasabsaban, at sa mga mataas na bundok ng kataasan ng Israel ay malalagay ang kanilang kulungan: doon mahihiga sila sa mabuting

kulungan at sa matabang pasasabsaban ay sasabsab sila sa mga bundok ng Israel. **15** Aking pasasabsabin ang aking mga tupa at aking mga pahihigain, sabi ng Panginoong Dios. **16** Aking hahanapin ang nawala, at ibalik ang naligaw, at tatalian ang nabalian, at palalakasin ang may sakit: at aking lilipulin ang mataba at malakas; aking mga pasasabsabin ng kahatulan. **17** At tungkol sa inyo, Oh aking kawan, ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, ako'y humahatol sa gitna ng hayop at hayop, sa gitna ng mga lalaking tupa at mga kambing na lalaki. **18** Inaakala ba ninyong munting bagay sa inyo na kanin ang mabuting sabsaban, kungdi inyong yapakan ng inyong mga paa ang nalabi sa inyong pasasabsaban? at uminom sa mga malinaw na tubig, kungdi inyong lampisawin ng inyong mga paa ang nalabi? **19** At tungkol sa aking mga tupa, kanilang kinakain ang inyong niyapakan ng inyong mga paa, at kanilang ininom ang nilampisaw ng inyong mga paa. **20** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios sa kanila: Narito ako, ako, hahatol sa matabang hayop at sa payat na hayop. **21** Sapagka't inyong itinulak ng tagiliran at ng balik, at inyong isinulong ang lahat na may sakit ng inyong mga sungay, hangang sa inyong mga napangalat; **22** kaya't aking ililigtas ang aking kawan, at hindi na sila magiging samsam; at ako'y hahatol sa hayop at hayop. **23** At ako'y maglalagay ng isang pastor sa kanila, at kaniyang pasasabsabin sila, ang aking aliping si David; kaniyang pasasabsabin sila, at siya'y magiging kanilang pastor. **24** At akong PANGINOON ay magiging kanilang Dios, at ang aking aliping si David ay pangulo sa kanila; akong PANGINOON ang nagsalita. **25** At ako'y gagawa sa kanila ng tipan ng kapayapaan, at aking papawiin ang mga masamang hayop sa lupain: at sila'y tatahang tiwasay sa ilang, at matutulog sa mga gubat. **26** At aking gagawing mapalad sila at ang mga lugar na nasa palibot ng aking burol; at aking palalagpakin ang malakas na ulan sa kaniyang kapanahunan; magkakaroon ng mga ulan ng pagpapala. **27** At ang mga punong kahoy sa parang ay magdadala ng kaniyang bunga, at ang lupa'y magsisibol ng kaniyang bunga, at sila'y magiging tiwasay sa kanilang lupain; at kabilang makikilala na ako ang PANGINOON, pagka aking binali ang pinga ng kanilang pama-

tok, at aking nailligtas sila sa kamay ng mga pinaglingkuran nila. **28** At sila'y hindi na magiging pinakahuli sa mga walang Dios o lalamunin man sila ng hayop sa lupa; kungdi sila'y tatabang tiwasay, at walang magpapanginaig sa kanila. **29** At aking ipagbabangon sila ng isang pananin na kabantugan, at sila'y hindi na malilipol pa ng kagutom sa lupain, o magtataglay pa man ng kahihyan sa mga walang Dios. **30** At kanilang makikilala na akong PANGINOONG kanilang Dios ay sumasakanila, at sila na bahay ng Israel ay aking bayan, sabi ng Panginoong Dios. **31** At kayong aking mga tupa, na mga tupa ng aking sabsaban ay mga tawo, at ako'y inyong Dios, sabi ng Panginoong Dios.

**35** Bukod dito'y ang salita ng PANGINOONG ay dumating sa akin, na nagsabing: **2** Anak ng tawo, ititig mo ang iyong mukha sa bundok ng Seir, at manghula ka laban doon, **3** at sabihin mo doong: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, ako'y laban sa iyo, Oh bundok ng Seir, at aking iunat ang aking kamay laban sa iyo, at gagawin kitang giba at katigilan. **4** Aking ilalagay na sira ang iyong mga ciudad, at ikaw ay magiging giba; at iyong makikilala na ako ang PANGINOONG. **5** Sapagka'y ikaw ay nagkaroon ng laging kapootan, at ibinigay mo ang mga anak ng Israel sa kapangyarihan ng tabak sa kapanahunan ng kanilang kasakunaan, sa kapanahunan ng kasam-ay ng wakas: **6** kaya buhay ako, sabi ng Panginoong Dios, aking ihabanda kita sa dugo, at hababulin ka ng dugo: sa paraang hindi mo kinapootan ang dugo, kaya't hababulin ka ng dugo. **7** Sa ganito'y gagawin ko ang bundok ng Seir na isang katigilan at kagibaan; at aking ihihiwalay sa kaniya siya na nagdaraan, at siyang nagbabalik. **8** At aking pupunuin ang kaniyang mga bundok ng kaniyang mga patay: sa iyong mga burol at sa iyong mga libis at sa lahat mong mga batis ay mabubual sila na napatay ng tabak. **9** Aking gagawin kitang laging kagibaan, at ang iyong mga ciudad ay hindi tatahanan: at inyong makikilala na ako ang PANGINOONG. **10** Sapagka't iyong sinabing: Ang dalawang naciang ito, at ang dalawang lupaing ito ay magiging akin, at aming aarin; bago man

kinaroroonan ng PANGINOONG: **11** kaya't buhay ako, sabi ng Panginoong Dios aking gagawin ayon sa iyong galit, at ayon sa iyong pananaghili na iyong ipinakilala sa iyong pagkapoot laban sa kanila; at ako'y pakikilala sa gitna nila pagka aking habatulan ka. **12** At iyong malalaman na akong PANGINOONG ay nakarinig ng lahat mong panunungayaw na iyong sinalita laban sa mga bundok ng Israel, na sinabing: Sila'y nalagay na giba, sila'y nabigay sa atin upang lamunin. **13** At kayo'y nangagmalaki laban sa akin ng inyong bibig, at inyong pinarami ang inyong mga salita laban sa akin: aking marinig. **14** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Pagka ang boong lupa ay nagagalak, aking gagawin kitang giba. **15** Kung paanong ikaw ay nagalak sa mana ng bahay ng Israel, dahil sa giba, gayon ang gagawin ko sa iyo: ikaw ay magiging giba, Oh bundok ng Seir, at boong Edom, oo, siyang boo: at kanilang makikilala na ako ang PANGINOONG.

**36** At ikaw, anak ng tawo, manghula ka laban sa mga bundok ng Israel, at sabihin mong: Kayong mga bundok ng Israel dingin ninyo ang salita ng PANGINOONG. **2** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: sapagka't sinabi ng kaaway sa inyong: ¡Aha! at: Ang dating mga mataas na lugar ay amin na pinaakaari: **3** kaya't manghula ka, at iyong sabihing: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sapagka't, sapagka't kanilang ginawang giba kayo, at nilamon kayo sa lahat ng dako, upang kayo'y maging pinakaari ng nalabi sa mga naciang, at kayo'y nabangit ng mga labi ng mga mandaldal, at kasabihan ng bayan: **4** kaya't kayong mga bundok ng Israel, inyong dingin ang salita ng Panginoong Dios: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios sa mga bundok at sa mga burol, sa mga batis at sa mga libis, sa mga gibang sira at sa mga ciudad na napabayaang, na mga naging huli at kakutyaan sa nalabis sa mga naciang na nasa palibot: **5** kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Tunay na sa apoy ng aking paninibugho ay nagsalita ako laban sa nalabi sa mga naciang, at laban sa boong Edom, na nagtakda ng aking lupain sa kanilang sarili na pinakaari na may kagalakan ng boo nilang puse, na may sama ng loob, upang ibagis na pinakahuli: **6** kaya't manghula ka tungkol sa lupain ng Israel, at sabihin mo sa mga

bundok at sa mga burol, sa mga batis at sa mga libis: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: narito, ako'y nagsalita sa aking paninibugho at sa aking pag-aalab ng loob, sapagka't inyong dinala ang kahihayan ng mga walang Dios: 7 Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Aking itinaas ang aking kamay, na aking sinabing: Tunay na ang mga walang Dios na nasa palibot ninyo, magdadala sila ng kanilang kahihayan. 8 Ngunit, kayo, Oh mga bundok ng Israel, inyong iusbong ang inyong mga sauga, at magbubunga sa aking bayang Israel; sapagka't sila'y malapit ng darating. 9 Sapagka't, narito, ako'y sa inyo, at ako'y magbabalik sa inyo, at kayo'y mabubukid at mahahasikan: 10 at ako'y magpaparami ng mga tawo sa inyo, boong bahay ng Israel, siyang boo: at ang mga ciudad ay tatahanan, at ang mga sirang lugar ay matatayo: 11 at ako'y magpaparami sa inyo ng tawo at hayop; at mga lalago at mamumunga: at aking patatahanin kayo ayon sa inyong dating kalagayan, at gagawa ako ng magaling sa inyo kay sa una: at inyong makikilala na ako ang PANGINOON. 12 Oo, aking palalakaran ang mga tawo sa inyo, ang aking bayang Israel; at kanilang aariin ka, at ikaw ay magiging kanilang mana, at hindi mo na sila pagbaba-waan ng mga anak. 13 Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sapagka't kanilang sinasabi sa iyong: Ikaw na lupain ay manlalamon ng mga tawo, at naging mamimighati sa iyong nasyon; 14 kaya't hindi ka na manlalamon ng mga tawo pa, o papatay pa man sa iyong nasyon, sabi ng Panginoong Dios; 15 o iparinig ko pa man sa iyo ang kahihayan ng mga walang Dios, o magtataglay ka pa man ng kakutyaan ng mga bayan, o iyong patitaurin pa man ang iyong nasyon, sabi ng Panginoong Dios.

16 Bukod dito'y dumating sa akin ang salita ng PANGINOON, na nagsabing: 17 Anak ng tawo, ng ang bahay ng Israel ay tumatahan sa kanilang sariling lupain, kanilang inihawa ng kanilang lakad at ng kanilang mga gawa: ang kanilang lakad sa harap ko ay naging parang karumihan ng babaye sa kaniyang pagkakahiwalay. 18 Kaya't aking ibinuhos ang aking pag-aalab ng loob sa kanila dahil sa dugo na kanilang ibinubo sa lupain, at dahil sa kanilang dinumhan ng kanilang mga idolo: 19 at aking pinangalat sila sa mga nasyon, at sila'y

nanabog sa mga lupain; ayon sa kanilang lakad at ayon sa kanilang mga gawa ay hinatulan ko sila. 20 At ng sila'y dumating sa mga nasyon, na kanilang pinaroonan kanilang dinumhan ang aking santong pangalan; sa pagsasabi ng mga tawo sa kanilang: Ang mga ito ay bayan ng PANGINOON, at lumabas sa kaniyang lupain. 21 Ngunit ako'y naawa dahil sa aking santong pangalan, na dinumhan ng bahay ng Israel sa mga nasyon, na kanilang pinaronan. 22 Kaya't sabihin mo sa bahay ng Israel: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Hindi ko ginagawa ito dahil sa inyo, Oh bahay ng Israel, kungdi dahil sa aking santong pangalan, na inyong dinumhan sa mga nasyon na inyong pinaronan. 23 At aking pakakasantohin ang aking dakilang pangalan, na nadumhan sa mga nasyon, na inyong dinumhan sa gitna nila; at makikilala ng mga nasyon na ako ang PANGINOON, sabi ng Panginoong Dios, pagka ako'y nagpakasanto sa inyo sa harap ng kanilang mga mata. 24 Sapagka't aking kukunin kayo sa mga nasyon, at pipisanin ko kayo na mula sa lahat ng lupain, at dadalhin ko kayo sa inyong sariling lupain. 25 At ako'y magwiwisik ng malinis na tubig sa inyo, at kayo'y magiging malinis: mula sa boo ninyong karumihan, at mula sa lahat ninyong mga idolo, lilinisin ko kayo. 26 Bibigyan ko naman kayo ng bagong puso, at lalagyan ko ang loob ninyo ng bagong espiritu: at aking aalisin ang batong puso sa inyong laman, at aking bibigyan kayo ng pusong laman. 27 At aking ilalagay ang aking espiritu sa loob ninyo, at palalakaran ko kayo sa aking mga palatuntunan, at inyong iingat ang aking mga kahatulan, at mga gagawin. 28 At kayo'y tatahan sa lupain na ibinigay ko sa inyong mga magulang; at kayo'y magiging aking bayan, at ako'y magiging inyong Dios. 29 At illigtas ko kayo sa lahat ninyong karumihan: at aking tatawagin ang trigo, at aking pararamihan, at hindi na ako magdadala ng kagutom sa inyo. 30 At aking pararamihin ang bunga ng punong kahoy, at ang bunga ng bukid, upang huag na kayong tumanggap pa ng kadustaan ng kagutom sa mga nasyon. 31 Kung magkagayo'y inyong maalala ang inyong mga masamang lakad, at ang inyong mga gawa na hindi mabuti; at kayo'y mapopoot sa inyong sarili sa inyong paninging sarili, dahil sa inyong

mga kasam-an at dahil sa inyong mga kasuklamsuklam. **32** Hindi dahil sa inyo ginagawa ko ito, sabi ng Panginoong Dios, tantoin ninyo: kayo'y mahiya at malito dahil sa inyong mga lakad, Oh bahay ng Israel. **33** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sa araw na aking iinisin kayo sa lahat ninyong mga kasam-an, aking patatahanan ang mga ciudad, at ang mga sirang lugar ay matatayo. **34** At ang lupain na nagiba ay mabubukid, na naging giba sa pangingin ng lahat na nagdaraan. **35** At kanilang sasabihing: Ang lupaing ito na naging giba ay naging parang halamanan ng Eden; at ang giba at sira at wasak na mga ciudad ay nakukutaan at tinatahanan. **36** Kung magkagayo'y malalaman ng mga nasyon na nalabi sa palibot ninyo na akong PANGINOON ay nagtayo ng mga sirang lugar, at nagtanim ng giba: akong PANGINOON ang nagsalita, at aking gagawin.

**37** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Bukod dito pa'y mag-uusisa sa akin ang bahay ng Israel, upang gawin sa kanila; ako'y magpaparami sa kanila ng tawo na parang kawan. **38** Kung paano ang kawan na panghayin, kung paano ang kawan sa Jerusalem sa kanilang mga takdang kapistahan; gayon mapupuno ang mga sirang ciudad ng mga kawan ng mga tawo: at kanilang makikilala na ako ang PANGINOON.

**37.** Ang kamay ng PANGINOON ay sumasa sa akin, at kaniyang dinala ako sa espiritu ng PANGINOON, at inilagay niya ako sa gitna ng libis; at puno ng mga buto; **2** at pinaraan niya ako sa tabi nila sa palibot; at, narito, may tootong marami sa lual na libis; at, narito, mga tootong tuyo. **3** At kaniyang sinabi sa aking: Anak ng tawo, magbabuhay ba ang mga butong ito? At ako'y sumagot: Oh Panginoong Dios, ikaw ang nakakaalam. **4** Muling sinabi niya sa aking: Maghula ka sa mga butong ito, at sabihin mo sa kanilang: Oh kayong mga tuyong buto, inyong dingin ang salita ng PANGINOON. **5** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios sa mga butong ito: Narito, aking papapasukin ang hinga sa inyo, at kayo'y mabubuhay. **6** At ako'y maglalagay ng mga litid sa inyo, at patutubuin ko ang laman sa inyo, at tatakpan ko kayo ng balat, at maglalagay ng hinga sa inyo, at kayo'y mabubuhay; at inyong makikilala na ako ang PANGINOON. **7** Sa gayo'y nanghula ako ng gaya ng inuitos sa akin;

at habang ako'y nanghuhula, nagkaroon ng inay, at, narito, ang isang lindol, at ang mga buto ay nangagkalapit, buto sa kaniyang buto. **8** At ako'y tamingin, at, narito, may mga litid sa kanila, at laman ay tumubo sa kanila at ang balat ay tumakip sa kanila sa ibabaw: ngunit walang hinga sa kanila. **9** Ng magkagayo'y sinabi niya sa aking: manghula ka sa hangin, manghula ka, anak ng tawo, at sabihin mo sa hangin: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Mangaling ka sa apat na hangin, Oh hinga, at huminga ka sa mga patay na ito, upang sila'y mabuhay. **10** Sa gayo'y nanghula ako ng gaya ng inuitos niya sa akin, at ang hinga ay nasok sa kanila, at sila'y nabuhay, at tumayo ng kanilang mga paa, isang tootong malaking kawal. **11** Ng magkagayo'y sinabi niya sa aking: Anak ng tawo, ang mga butong ito ay boong bahay ng Israel: narito, kanilang sinasabing: Ang ating mga buto ay natuyo, at ang ating pag-asa ay nawala; tayo'y lubos na nahawalay. **12** Kaya't manghula ka, at sabihin mo sa kanilang: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, aking buksan ang inyong mga libingan, at aking pasasampahin kayo mula sa inyong mga libingan, Oh bayan ko; at aking dadalhin kayo sa lupain ng Israel. **13** At inyong makikilala na ako ang PANGINOON, pagka aking binuksan ang inyong mga libingan, at aking pinasampa kayo na mula sa inyong mga libingan, Oh bayan ko. **14** At aking ilalagay ang aking espiritu sa inyo, at kayo'y mabubuhay, at aking ilalagay kayo sa inyong sariling lupain: at inyong makikilala na akong PANGINOON na nagsalita, at tumupad, sabi ng PANGINOON.

**15** Ang salita ng PANGINOON ay dumating uli sa akin, na nagsabing: **16** At ikaw, anak ng tawo, kumuha ka ng isang tungkod, at sulatan mo sa ibabaw: Para sa Juda at para sa mga anak ng Israel na kaniyang mga kasama: saka kumuha ka ng ibang tungkod, at iyong sujatang: para kay Jose, ang tungkod ng Efrain, at para sa boong bahay ng Israel na kaniyang mga kasama: **17** at iyong mga papagsamahin na parang isang tungkod, upang mga maging isa sa iyong kamay. **18** At pagka ang mga anak ng iyong bayan ay magsasalita sa iyo, na magsasabing: Hindi mo ba ipakikilala sa amin kung ano ang kahulugan ng mga ito? **19** Sabihin mo sa kanilang: Ganito

ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, aking kukunin ang tungkod ng Jose, na nasa kamay ng Efraim, at ang mga angkan ng Israel na kaniyang mga kasama: at aking mga isasama doon, sa tungkod ng Juda, at mga gagawin kong isang tungkod, at mga magiging isa sa aking kamay. 20 At ang tungkod na iyong sinusulatan ay malalagay sa iyong kamay sa harap ng kanilang mga mata. 21 At sabihin mo sa kanilang: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, aking kukunin ang mga anak ng Israel mula sa gitna ng mga nasyon, na kanilang kapaparonan, at pipisanin ko sila sa lahat ng dako, at dadalhin ko sila sa kanilang sariling lupain: 22 at gagawin ko silang isang nasyon sa lupain, sa mga bundok ng Israel; at isang hari ang magiging hari sa kanilang lahat: at hindi na sila magiging dalawang nasyon, o mahahati pa man sila sa dalawang kaharian: 23 at hindi na naman magpapakahawa pa sila sa kanilang mga idolo, o sa kanila mang mga kasuklamsuklam na bagay, o ano man sa kanilang mga pagsalangsang: kungdi aking ililigtas sila sa lahat nilang mga tahanang lugar, na kanilang pinagkasalahan, at lilinisin ko sila: sa gayo'y magiging aking bayan sila, at ako'y magiging kanilang Dios. 24 At ang aking alipin si David ay magiging hari sa kanila; at silang lahat ay magkakaroon ng isang pastor: lalakad naman sila sa aking mga kahalutanan, at susundin ang aking mga palatuntunan, at mga tutuparin. 25 At sila'y tatahan sa lupain na aking ibinigay kay Jakob na aking alipin, na tinahanan ng inyong mga magulang; at sila'y tatahan doon, sila at ang kanilang mga anak, at ang mga anak ng kanilang mga anak, magpakailan man: at si David na aking alipin ay magiging kanilang pangulo magpakailan man. 26 Bukod dito'y gagawa ako ng tipan ng kapayapaan sa kanila: magiging tipan na walang hangan: at aking ilalagay sila, at pararamihin sila, at ilalagay ko ang aking santuario sa gitna nila magpakailan man. 27 Ang aking tabernakulo naman ay malalagay na kasama nila; at ako'y magiging kanilang Dios, at sila'y magiging aking bayan. 28 At makikilala ng mga nasyon na ako ang PANGINOON na nagpapasanto sa Israel, pagka ang aking santuario ay malalagay sa gitna nila magpakailan man.

**38** At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabiug: 2 Anak ng tawo, ititig mo ang iyong mukha sa dakong Gog, sa lupain ng Magog, na pangulo sa Ros, sa Mesek, at sa Tubal, at manghula ka laban sa kaniya, at iyong sabihing: 3 Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, ako'y labansa iyo, Oh Gog, na pangulo sa Ros, sa Mesek, at sa Tubal: 4 at aking ipipihit kita sa palibot, at maglalagay ako ng mga pang-ipit sa iyong mga panğa, at ilalabas kita, at ang iyong boong kawal, mga kabayo at mga nangangabayo, na nasusuotan silang lahat ng boong kasakabatan, na malaking pulutong na may longki at kalasag, silang lahat ay nagtatangan ng mga tabak: 5 ang Persia, ang Kus, at ang Put ay kasama nila; silang lahat na may kalasag at turbante: 6 Ang Gomer at ang lahat niyang pulutong; ang bahay ng Togarma sa mga pinakahuling bahagi ng hilagaan, at lahat niyang pulutong: maraming bayan na kasama mo. 7 Ikaw ay humanda, oo, humanda ka, ikaw, at ang lahat ng iyong pulutong na napisan sa iyo, at maging bantay ka sa kanila. 8 Pagkatapos ng maraming araw ay dadalawin ka: sa mga huling taon ay papasok ka sa lupain na ibinalik na mula sa paghabol ng tabak na napisan mula sa maraming mga bayan, sa mga bundok ng Israel, na naging laging sira: nguni't nalabas sa mga bayan, at sila'y tatahang tiwasay silang lahat. 9 At ikaw ay sasampa, ikaw ay darating na parang bagyo, ikaw ay magiging parang alapaap na tatakip sa lupain, ikaw, at ang lahat mong pulutong, at ang maraming bayan na kasama mo. 10 Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Mangyari sa araw na yaon, na mga bagay ay darating sa iyong pag-iisip, at ikaw ay kakatha ng masamang katha: 11 at iyong sasabihing: Ako'y sasampa sa lupain ng mga nayong walang kuta; sasampahin ko sila na nasa katahimikan, na tumatabang tiwasay, silang lahat na tumatahan na walang kuta, at wala kahi't mga halang o mga pintoang-daan man: 12 upang kumuha ng samsam, at upang kumuha ng huli; upang ibalik ang iyong kamay laban sa mga sirang lugar na tinatahanan ngayon, at laban sa bayan na napisan mula sa mga nasyon, na nagtankilik ng hayop at mga pag-aari, na tumatahan sa gitna ng lupa. 13 Ang Seba, at ang Dedan, at ang mga mangangalakal sa Tarsis, sampuo ng lahat

n̄g batang leon noon, magsasabi sa iyong: ¿Naparito ka ba upang kumuha n̄g samsam? ¿pinisam mo ba ang iyong pulutong upang kumuha n̄g huli? ¿upang magdala n̄g pilak at ginto, upang magdala n̄g hayop at m̄ga pag-aari, upang kumuha n̄g malaking samsam?

**12** Kaya't, anak n̄g tawo, ikaw ay manghula, at sabihin mo sa Gog: Ganito ang sabi n̄g Panginoong Dios: Sa araw na yaon na ang aking bayang Israel ay tatahang tiwasay, ¿hindi mo ba malalaman? **13** At ikaw ay darating na mula sa iyong lugar, mula sa m̄ga kahulihulihang bahagi n̄g hilagaan, ikaw, at ang maraming bayan na kasama mo, silang lahat na nakasakay sa m̄ga kabayo, malaking pulutong at makapangyarihang kawal: **16** at ikaw ay sasampa laban sa aking bayang Israel, na parang alapaap na tatakip sa lupain; mangyayari sa m̄ga huling araw, na dadalhin kita laban sa aking lupain, upang makilala ako n̄g m̄ga nasyon, pagka ako'y sasantobin sa iyo, Oh Gog, sa harap n̄g kanilang m̄ga mata. **17** Ganito ang sabi n̄g Panginoong Dios: ¿Ikaw ba yaong aking sinalita n̄g una sa pamamag-itan n̄g aking m̄ga alipin na m̄ga profeta n̄g Israel, na nagsipanghula n̄g m̄ga araw na yaon, n̄g tungkol sa malaong panahon, na aking dadalhin ka laban sa kanila? **18** At mangyayari sa araw na yaon, pagka ang Gog ay paroroon laban sa lupain n̄g Israel, sabi n̄g Panginoong Dios, na ang aking pag-aalab n̄g loob ay sasampa sa aking m̄ga batas n̄g ilong. **19** Sapagka't sa aking paninibugho at sa apoy n̄g aking pag-iinit ay nagsalita ako: Tunay na sa araw na yaon ay magkakaroon n̄g malaking lindol sa lupain n̄g Israel; **20** na ano pa't ang m̄ga isda sa dagat, at ang m̄ga ibon sa himpapawid, at ang m̄ga hayop sa parang, at lahat na umuusad na bagay na umuusad sa ibabaw n̄g lupa, at lahat n̄g tawo na nasa balat n̄g lupa, manginginig sa aking harap, at ang m̄ga bundok ay mababagsak, at ang m̄ga matalik na lugar ay mabubual, at lahat n̄g kuta ay mababagsak sa lupa. **21** At aking tatawagin sa lahat n̄g aking m̄ga bundok ang tabak laban sa kaniya, sabi n̄g Panginoong Dios: ang tabak n̄g bawa't lalaki ay magiging laban sa kaniyang kapatid. **22** At ako'y makikipaglaban sa kaniya sa pamamag-itan n̄g salot at n̄g dugo; at ako'y uulan sa kaniya, at sa kaniyang m̄ga pulutong, at sa maraming bayan na

kasama niya, n̄g napakalakas na ulan, at n̄g m̄ga malaking granizo, n̄g apoy, at n̄g azufre. **23** At ako'y magpapakadakila at magpapakasanto, at ako'y pakikilala sa m̄ga mata n̄g maraming nasyon; at kanilang makikilala na ako ang PANGINOON.

**39** At ikaw, anak n̄g tawo, manghula ka laban sa Gog, at iyong sabihing: Ganito ang sabi n̄g Panginoong Dios: Narito, ako'y laban sa iyo, Oh Gog, na pangulo sa Ros, sa Mesek, at sa Tubal: **2** at aking ipipihit kita sa pali-bot, atapatnubayan kita, at pasasampahin kita mula sa m̄ga pinakahuling bahagi n̄g hilagaan; at aking dadalhin kita sa m̄ga bundok n̄g Israel: **3** at aking sisirain ang iyong bosog sa iyong kaliwa, at aking ihuhulog ang iyong pana sa iyong kanan. **4** Ikaw ay mabubual sa m̄ga bundok n̄g Israel, ikaw, at ang lahat mong pulutong, at ang m̄ga bayan na kasama mo: aking ibibigay kita sa m̄ga mandadagit na ibong sari-sari, at sa m̄ga hayop sa parang upang lamunin ka. **5** Ikaw ay mabubual sa lual na parang: sapagka't akingsinalita, sabi n̄g Panginoong Dios. **6** At ako'y magsusugo n̄g apoy sa Magog, at sa kanilang tumatahang tiwasay sa m̄ga pulo: at kanilang makikilala na ako ang PANGINOON. **7** At ang aking santong pangalan ay ipakikilala ko sa gitna n̄g aking bayang Israel; at hindi ko man titiising madumhan pa ang aking santong pangalan; at makikilala n̄g m̄ga nasyon na ako ang PANGINOON, ang Santo sa Israel. **8** Narito, dumarating, at mangyayari, sabi n̄g Panginoong Dios; ito ang araw na aking sinalita. **9** At silang tumatahan sa m̄ga ciudad n̄g Israel ay lalabas, at magsisilab n̄g m̄ga apoy sa m̄ga sakbat, at m̄ga susunugin ang m̄ga kalasag at gayon din ang m̄ga longki, ang m̄ga bosog at ang m̄ga pana, at ang m̄ga tungkod at ang m̄ga sibat, at m̄ga sisilaban nilang pitong taon: **10** na ano pa't sila'y hindi kukuha n̄g kahoy sa parang, o puputol man n̄g ano man sa m̄ga gubat; sapagka't kanilang gagawing m̄ga apoy ang m̄ga sakbat: at kanilang sasamsaman yaong m̄ga sumamsam sa kanila, at nanakawan yaong m̄ga nagnakaw sa kanila, sabi n̄g Panginoong Dios.

**11** At mangyayari sa araw na yaon, na ako'y magbibigay sa Gog n̄g lugar na pinakalibingan sa Israel, ang libis nila na



dumadaang patungo sa silanganan ng dagat: at titigilang daanan nila: at doon nila ililibing ang Gog at ang boo niyang karamihan: at kanilang tatawaging: Ang libis ng Hamon-gog. **12** At pitong buan na mga maglilibing ang babay ng Israel, upang kanilang malinis ang lupain. **13** Oo, sila'y maglilibing ng boong bayan ng lupain; at magiging sa kanila'y kabantugan, sa araw na ako'y lulualhati, sabi ng Panginoong Dios. **14** At sila'y maghahalal ng mga lalaking magkaka-tungkulang palagi, na magdadaan sa lupain upang ilibing ang nagdaraan, na nalabi sa balat ng lupain, upang linisin: pagkatapos ng wakas ng pitong buan ay habanap sila. **15** At silang nagdaraan sa lupain ay daraan; at pagka ang sino man ay nakakita ng buto ng tawo, lalagyan nga niya ng tanda, hangang sa mailibing ng mga mailibing sa libis ng Hamon-gog. **16** At magiging Hamona naman ang pangalan ng ciudad. Ganito nila lilinin ang lupain.

**17** At ikaw, anak ng tawo, ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Salitain mo sa sarisaring ibon, at sa lahat na hayop sa parang: Magpupulong kayo, at kayo'y parito; magpipisan kayo sa lahat ng dako sa aking hayin na aking inihahayin sa inyo, sa malaking hayin sa ibabaw ng mga bundok ng Israel, upang kayo'y makakain ng laman at makainom ng dugo. **18** Kayo'y kakain ng laman ng makapangyarihan, at iinom ng dugo ng mga pangulo sa lupa, ng mga lalaking tupa, ng mga cordero, at ng mga kambing, ng mga toro, na kanilang lahat na mataba sa Basan. **19** At kayo'y kakain ng taba hangang sa kayo'y mabusog, at iinom ng dugo hangang sa kayo'y malago, sa aking hayin na aking inihayin sa inyo. **20** At kayo'y mabusog sa aking dulang ng mga kabayo at mga karro, ng mga makapangyarihang lalaki, at ng lahat na lalaking pangbaka, sabi ng Panginoong Dios. **21** At aking ilalagay ang aking kalualhatian sa mga nacion, at makikita ng lahat na nacion ang aking kahatulan na aking ginawa, at ang aking kamay na aking inilapag sa kanila. **22** Sa gayo'y makikilala ng babay ng Israel na ako ang PANGINOON na kanilang Dios, mula sa araw na yaon hangang sa haharapin. **23** At malalaman ng mga nacion na nasok sa pagkabihag ang babay ng Israel dahil sa kanilang kasam-an; sapagka't sila'y sumalangsang laban sa

akin, at ikinubli ko ang aking mukha sa kanila: sa gayo'y ibinigay ko sila sa kamay ng kanilang mga kaaway, at silang lahat ay nabual sa pamamag-itan ng tabak. **24** Ayon sa kanilang karumihan at ayon sa kanilang mga pagsalang-sang ay gumawa ako sa kanila; at ikinubli ko ang aking mukha sa kanila.

**25** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Ngayo'y aking ibabalik ang Jakob na mula sa pagkabihag, at maawa ako sa boong babay ng Israel; at ako'y magiging mapanibughuin dahil sa aking santong pangalan. **26** At sila'y magdadala ng kanilang kahihayan, at ng kanilang lahat na pagsalangsang na kanilang isinalangsang laban sa akin, pagka sila'y tatahang tiwasay sa kanilang lupain, at walang magpapapanginig sa kanila; **27** pagka sila'y aking nadala uli na mula sa mga bayan, at mga napisan na mula sa mga lupain ng kanilang mga kaaway, at ako'y napasanto sa kanila sa paningin ng maraming nacion. **28** At kanilang makikilala na ako ang PANGINOONG kanilang Dios, sa pagpapapasok ko sa kanila sa pagkabihag sa gitna ng mga nacion, at sa pagpipisan ko sa kanila sa kanilang sariling lupain; at hindi ako mag-iwan sa kanila ng sino pa man doon: **29** at hindi ko naman ikukubli pa ang aking mukha sa kanila: sapagka't aking ibinuhos ang aking espiritu sa babay ng Israel, sabi ng Panginoong Dios.

**40** Ng ikadalawang puot limang taon ng aming pagkabihag, sa pasimula ng taon, sa ikasampung ng buan, sa ikalabing apat na taon pagkatapos na ang ciudad ay masugatan, sa kaaraw-arawang yaon, ang kamay ng PANGINOON ay sumaaakin, at dinala niya ako doon. **2** Sa mga malikmata ng Dios ay dinala niya ako sa lupain ng Israel, at inilagay ako sa totoong mataas na bundok, na kinaroroonan ng isang katulad ng ciudad sa timugan. **3** At dinala niya ako doon, at, narito, may isang lalaki na ang hichura ay gaya ng hichura ng tanso, na may panaling abaka sa kaniyang kamay, at isang panukat na tambo; at siya'y tumayo sa pintuang-daan. **4** At sinabi ng lalaki sa aking: Anak ng tawo, tumingin ka ng iyong mga mata, at making ka ng iyong mga pakinig, at ilagak mo ang iyong puso sa lahat na aking ipakikita sa iyo; sapagka't sa haka na aking mga maipakilala sa iyo ay ikaw

ay nadala rito: ihayag mo ang lahat na iyong nakikita sa bahay ng Israel.

5 At, narito, isang kuta sa dakong labas ng bahay sa palibot, at sa kamay ng lalaki ay isang panukat na tambo na may anim na siko ang haba, na tig-isang siko at isang dangkal ang luang ng bawat isa: sa gayo'y kaniyang sinukat ang luang ng bahay, na isang tambo; at ang taas ay isang tambo. 6 Ng magkagayo'y naparoon siya sa pintuang-daan, na nakaharap sa dakong silanganan, at sumampa sa mga baitang noon; at kaniyang sinukat ang tungtungan sa pintuang-daan, isang tambo ang luang: at ang kabilang tungtungan, isang tambo ang luang. 7 At bawat bantayan ay isang tambo ang haba, at isang tambo ang luang; at ang pag-itan ng mga pahingahan ay limang siko; at ang tungtungan sa pintuang-daan sa tabi ng pasukan sa pintuang-daan sa dako ng bahay ay isang tambo. 8 Sinukat naman niya ang pasukan sa pintuang-daan sa dako ng bahay, isang tambo. 9 Ng magkagayo'y sinukat niya ang pasukan sa pintuang-daan, walong siko; at ang mga haligi noon, dalawang siko; at ang pasukan sa pintuang-daan ay nasa dako ng bahay. 10 At ang mga bantayan ng pintuang-daan sa dakong silanganan ay tatlo sa dakong ito, at tatlo sa dakong yaon; ang tatlo ay may iisang sukat: at ang mga haligi ng pinto ay may iisang sukat sa dakong ito at sa dakong yaon. 11 At kaniyang sinukat ang luang ng pasukan ng pintuang-daan, sampuon siko; at ang haba ng pintuang-daan, labing tatlong siko; 12 at ang pag-itan sa harap ng mga bantayan, isang siko sa dakong ito, at ang isang pag-itan, isang siko sa dakong yaon; at ang mga bantayan anim na siko sa dakong ito, at anim na siko sa dakong yaon. 13 At kaniyang sinukat ang pintuang-daan mula sa pulupo ng isang bantayan hangang sa pulupo ng kabila, may luang na dalawang puot limang siko; pinto't pinto. 14 Gumawa naman siya ng mga haligi ng pintuan, na anim na puong siko; at ang looban ay hangang sa haligi, ang pintuang-daan ay sa palibot. 15 At mula sa harap ng pintuang-daan sa pasukan hangang sa harap ng pinakaloob na pasukan sa pintuang-daan ay limang puong siko. 16 At may mga sarang dungawan sa mga bantayan, at sa kanilang mga haligi sa loob ng pintuang-daan sa palibot, at gayon din sa mga hubog; at ang mga

dungawan ay nasa palibot sa dakong loob; at sa bawat haligi ay may mga puno ng palma.

17 Ng magkagayo'y dinala niya ako sa loob ng looban sa labas, at, narito, may mga silid at may isang lapag na ginawa sa palibot ng looban: tatlong puong silid ang nasa lapag. 18 At ang lapag ay nasa tabi ng mga pintuang-daan, ayon sa haba ng mga pintuang-daan, ang lalong mababang lapag. 19 Ng magkagayo'y kaniyang sinukat ang luang mula sa harap ng lalong mababang pintuang-daan hangang sa harap ng pinakaloob na looban sa may labas, na isang daang siko, sa dakong silanganan at gayon din sa dakong hilagaan. 20 At ang pintuang-daan ng looban sa labas na nakaharap sa dakong hilagaan, kaniyang sinukat ang haba noon at ang luang noon. 21 At ang mga bantayan noon ay tatlo sa dakong ito at tatlo sa dakong yaon; at ang mga haligi noon at ang mga hubog noon ay ayon sa sukat ng unang pintuang-daan: ang haba noon ay limang puong siko, at ang luang ay dalawang puot limang siko. 22 At ang mga dungawan noon, at ang mga hubog noon, at ang mga punong palma noon ay ayon sa sukat ng pintuang-daan na nakaharap sa dakong silanganan; at kanilang sinampa ng pitong baitang; at ang mga hubog noon ay nasa harap nila. 23 At may pintuang-daan sa lalong loob na looban sa tapat ng kabilang pintuang-daan, sa dakong hilagaan at gayon din sa dakong silanganan; at kaniyang sinukat sa pintuang-daan at pintuang-daan na isang daang siko. 24 At dinala niya ako sa dakong timugan, at, narito, ang isang pintuang-daan sa dakong timugan: at kaniyang sinukat ang mga haligi noon, at ang mga hubog noon ayon sa mga sukat na ito. 25 At may mga dungawan doon at sa mga hubog noon sa palibot, gaya ng mga dungawang yaon: ang haba ay limang puong siko, at ang luang ay dalawang puot limang siko. 26 At may pitong baitang upang sampahan, at ang mga hubog noon ay nasa harap nila: at may mga puno ng palma, isa sa dakong ito, at isa sa dakong yaon, sa mga halig noon. 27 At may pintuang-daan sa lalong loob na looban sa dakong timugan: at kaniyang sinukat sa pintuang-daan't pintuang-daan sa dakong timugan na isang daang siko.

28 Ng magkagayo'y dinala niya ako sa lalong loob na looban sa tabi ng pintuang-

daan sa timugan: at kaniyang sinukat ang pintuang-daang timugan ayon sa mga sukat ding ito; **29** at ang mga bantayan noon, at ang mga haligi noon, at ang mga hubog noon, ay ayon sa mga sukat na ito: at may mga dungawan yaon, at sa mga hubog noon sa palibot: may limang puong siko ang haba, at dalawang puo't limang siko ang luang. **30** At may mga hubog sa palibot, na dalawang puo't limang siko ang haba, at limang siko ang luang. **31** At ang mga hubog noon ay nasa dako ng looban sa labas; at mga puno ng palma ang mga nasa mga bahagi noon: at ang sampahan ay may walong baitang. **32** At dinala niya ako sa lalong loob na looban sa dakong silanganan: at sinukat niya ang pintuang-daan ayon sa mga sukat na ito; **33** at ang mga bantayan noon, at ang mga haligi noon, at ang mga hubog noon, ayon sa mga sukat na ito: at may mga dungawan sa loob at sa mga hubog noon sa palibot: may limang puong siko ang haba, at dalawang puo't limang siko ang luang. **34** At ang mga hubog noon ay nanga sa dako ng looban sa labas; at mga puno ng palma ang nanga sa mga haligi noon, sa dakong ito, at sa dakong yaon: at ang sampahan ay may walong baitang. **35** At dinala niya ako sa pintuang-daang hilagaan: at sinukat niya ayon sa mga sukat na ito; **36** ang mga bantayan noon, ang mga haligi noon, at ang mga hubog noon; at may mga dungawan sa loob sa palibot: ang haba ay limang puong siko, at ang luang ay dalawang puo't limang siko. **37** At ang mga haligi noon ay nanga sa dako ng looban sa labas; at mga puno ng palma ang nanga sa haligi noon, sa dakong ito, at sa dakong yaon: at ang sampahan ay may walong baitang.

**38** At isang silid na may pintuan ay nasa tabi ng mga haligi sa mga pintuang-daan; doon sila naghugas ng handog na susunugin. **39** At sa malaking pasukan ng pintuang-daan ay may dalawang dulang sa dakong ito, at dalawang dulang sa dakong yaon, upang patayin doon ang handog na susunugin, at ang handog dahil sa kasalanan at ang handog dahil sa pagkakasala. **40** At sa isang dako sa labas na para ng lung sasampa sa pasukan ng pintuang-daan sa dakong hilagaan ay may dalawang dulang; at sa kabilang dako, na ukol sa pasukan ng pintuang-daan, ay may dalawang dulang. **41** Apat na du-

lang sa dakong ito, at apat na dulang sa dakong yaon, sa tabi ng pintuang-daan; walong dulang ang kanilang pinagpatayan ng mga hayin. **42** At may apat na dulang para sa handog na susunugin, na batong hinichurahan, na isang siko at kalahati ang haba, at isang siko at kalahati ang luang, at isang siko ang taas; na kanilang pinaglapagan ng mga kasangkapan na kanilang ipangpatay sa handog na susunugin at sa hayin. **43** At ang mga pang-ipit na may isang palad ng kamay ang haba, ay natitibayan sa loob sa palibot: at nasa ibabaw ng mga dulang ang laman na alay. **44** At sa labas ng lalong loob na pintuang-daan ay may mga silid para sa mga mang-aawit sa lalong loob na looban, na nasa tabi ng pintuang-daang hilagaan; at mga nakaharap sa timugan: isa sa dako ng silangananang pintuang-daan na nahaharap sa dakong hilagaan. **45** At kaniyang sinabi sa aking: Ang silid na ito na nakaharap sa dakong timugan, ay sa mga sacerdote, sa mga tagapag-ingat ng pamamahala sa bahay. **46** At ang silid na nakaharap sa dakong hilagaan ay sa mga sacerdote, na mga tagapag-ingat ng pamamahala sa altar: ang mga ito ay mga anak ni Zadok, na sa mga anak ni Levi ay lumalapat sa PANGINOON upang mamahala sa kaniya. **47** At sinukat niya ang looban na isang daang siko ang haba, at isang daang siko ang luang, parisukat; at ang altar ay nasa harap ng bahay.

**48** Ng magkagayo'y dinala niya ako sa pintuan ng bahay at sinukat niya ang baw't haligi ng malaking pintuan na limang siko sa dakong ito, at limang siko sa dakong yaon: at ang luang ng pintuang-daan ay tatlong siko sa dakong ito, at tatlong siko sa dakong yaon. **49** Ang haba ng malaking pintuan ay dalawang puong siko, at ang luang ay labing isang siko; sinasampahan sa pamamagitan ng mga baitang: at may mga haligi sa tabi ng mga haligi, isa sa dakong ito, at isa sa dakong yaon.

**41** At ipinasok niya ako sa templo at sinukat ang mga haligi, na anim na siko ang luang sa isang dako, at anim na siko ang luang sa kabilang dako, na siyang luang ng tabernakulo. **2** At ang luang ng pasukan ay sampuon siko; at ang mga tagiliran ng pasukan ay limang siko sa isang dako, at limang siko sa kabilang dako: at sinukat niya ang haba noon na apat na puong siko, at ang

luang, dalawang puong siko. **3** Ng magkagayo'y nasok siya sa loob, at sinukat ang bawa't haligi sa pasukan, na dalawang siko; at ang pasukan ay anim na siko; at ang luang ng pasukan, pitong siko. **4** At sinukat niya ang haba noon, dalawang puong siko, at ang luang, dalawang puong siko, sa harap ng templo: at sinabi niya sa aking: Ito ang pinakasantong lugar. **5** Ng magkagayo'y sinukat niya ang pader ng bahay, anim na siko; at ang luang ng bawa't tagilirang-silid apat na siko, sa palibot ng bahay sa lahat ng dako. **6** At ang mga tagilirang-silid ay tatlong lapag, isa sa ibabaw ng isa, at tatlong puo sa ayos; at mga nakapit sa pader na nauukol sa bahay para sa mga tagilirang-silid sa palibot upang mga marapat, at huag makapit sa pader ng bahay. **7** At ang mga tagilirang-silid ay lalong lumuluang habang lumiligid sa bahay na paitaas ng paitaas; sapagka't ang pagligid ng bahay ay napaitaas sa palibot ng bahay: kaya't ang luang ng bahay ay lumuluang na paitaas; at sa gayo'y ang isa ay napaitaas mula sa pinakamababang silid, hangang sa pinakamataas sa pamamagitan ng gitna na silid. **8** Aking nakita naman na ang bahay ay may nakatayang tungtungan sa palibot: ang mga cimientong ng mga tagilirang-silid ay buong tambo na anim na malaking siko. **9** Ang kapal ng pader, na nasa mga tagilirang-silid, sa dakong labas, ay limang siko: at ang naiwan ay lugar ng mga tagilirang-silid na ukol sa bahay. **10** At ang pag-itan ng mga silid ay may luang na dalawang puong siko sa palibot ng bahay sa lahat ng dako. **11** At ang mga pintuan ng mga tagilirang-silid ay sa dakong naiwan, isang pintuan sa dakong hilagaan, at isang pintuan sa dakong timugan: at ang luang ng lugar na naiwan ay limang siko sa palibot. **12** At ang bahay na nasa harapan ng hiwalay na lugar sa tagilirang dakong kalunuran ay pitong puong siko ang luang; at ang pader ng bahay ay limang siko ang kapal sa palibot, at ang haba noon ay siam na puong siko, **13** Sa gayo'y sinukat niya ang bahay, na isang daang siko ang haba; at ang hiwalay na lugar, at ang bahay, sampuon ng pader noon, isang daang siko ang haba; **14** ang luang naman ng harapan ng bahay, at ng hiwalay na lugar sa dakong silanganan, isang daang siko.

**15** At sinukat niya ang haba ng bahay

sa harap ng hiwalay na lugar na nasa likuran noon, at ang mga galeria noon sa isang dako, at sa kabilang dako, isang daang siko; at ang lalong loob na templo at ang mga pasukan ng looban; **16** ang mga tungtungan, at ang mga nasasarang dungawan, at ang mga galeria sa palibot sa kanilang tatlong lapag, sa tapat ng tungtungan, nakikisamihan ng kahoy sa palibot, at mula sa lapag hangang sa mga dungawan; natatakpan nga ang mga dungawan; **17** sa pag-itan ng itaas ng pintuan, sa lalong loob ng bahay, at sa labas, at ang boong pader sa palibot sa loob at sa labas, ay sinukat. **18** At ang pader ay niyaring may kerubin at may mga puno ng palma; at isang puno ng palma at sa pag-itan ng kerubin at kerubin, at bawa't kerubin ay may dalawang mukha; **19** na ano pa't may mukha ng isang tawo sa dako ng puno ng palma sa isang dako, at ang mukha ng batang leon sa dako ng puno ng palma sa kabilang dako: ganito ang pagkayari sa boong bahay sa palibot. **20** Mula sa lapag hangang sa itaas ng pintuan ay may mga kerubin at mga puno ng palma na yari: ganito ang pader ng templo. **21** Tungkol sa templo, ang mga haligi ng pintuan ay kuadrado; at tungkol sa harapan ng santuario, ang hichura noo'y gaya ng hichura ng templo. **22** Ang altar ay kahoy, na tatlong siko ang taas, at ang haba noo'y dalawang siko; at ang mga sulok noon at ang haba noon, at ang mga pader noon, ay kahoy: at sinabi niya sa aking: Ito ang dulang na nasa harap ng PANGINOON. **23** At ang templo, at ang santuario ay may dalawang pintuan. **24** At ang mga piutuan ay may tigdalawang dahong pinto, dalawang napagpapatong na dahon; dalawang dahon sa isang pinto, at dalawang dahon sa kabila. **25** At mga niyari sa mga yaon, sa mga pintuan ng templo, mga kerubin at mga puno ng palma, gaya ng niyari sa mga pader; at may makapal na kahoy sa harap ng malaking pintuan sa labas. **26** At may mga nasasarang dungawan at mga puno ng palma sa isang dako at sa kabilang dako, sa mga tagiliran ng pasukan: ganito ang mga tagilirang-silid ng bahay, at ang mga makapal na sikang.

**42** Ng magkagayo'y dinala niya ako sa looban sa labas, sa daan na dakong hilagaan: at ipinasok niya ako sa silid na nasa tapat ng hiwalay na lugar, at siyang nasa tapat ng bahay sa dakong hilagaan.

2 Sa unahan ng habang isang daang siko ay nandoon ang pintuang hilagaan, at ang luang ay limang puong siko. 3 Sa tapat ng dalawang puong siko na ukol sa lalong loob na looban, at sa tapat ng lapag na ukol sa looban sa labas, ay galeria't galeria na tatlong lapag. 4 At sa harap ng mga silid ay may isang lakaran na sampuon siko ang luang sa loob, isang daang may isang siko; at ang kanilang mga pintuan ay sa dakong hilagaan. 5 Ang lalong mataas ngang silid ay siyang lalong maikli: sapagka't ang mga galeria ay kumukuha sa mga ito, ng higit kay sa lalong mababa at sa pinakagitna, sa bahay. 6 Sapagka't tatlong lapag, at walang mga haligi na gaya ng mga haligi ng mga looban: kaya't ang pinakamataas ay lalong munti kay sa pinakamababa at sa pinakagitna mula sa lupa. 7 At ang pader na nasa labas sa tabi ng mga silid, sa dako ng looban sa labas sa harap ng mga silid, ang haba noo'y limang puong siko. 8 Sapagka't ang haba ng mga silid na nasa looban sa labas ay limang puong siko: at, narito, ang harapan ng templo ay may isang daang siko. 9 At nasa ilalim ng mga silid na ito ang pasukan sa dakong silanganan, sa pagpasok na mula sa looban sa labas. 10 Sa kakapalan ng pader ng looban sa dakong silanganan, sa harap ng hiwalay na lugar, at sa harap ng bahay, may mga silid. 11 At ang daan sa harap ng mga yaon ay gaya ng hichura ng daan sa mga silid na nangasa dakong hilagaan; ayon sa kanilang haba ay gayon ang kanilang luang: at lahat ng labasan nila ay ayon sa kanilang mga anyo, at ayon sa kanilang mga pintuan. 12 At ayon sa mga pintuan ng mga silid na nasa dakong timugan ay may isang pintuan sa pasimula ng daan, sa daang tuid na patuloy sa pader sa dakong silanganan, sa papasok sa mga yaon. 13 Ng magkagayo'y sinabi niya sa aking: Ang hilagaang silid at ang timugang silid na nasa harap ng hiwalay na lugar, mga santong silid, na pagkakanan ng mga pinakasantong bagay ng mga sacerdote na malapit sa PANGINOON: doon nila ilalapag ang mga pinakasantong bagay, at ang bandog na harina, at ang handog dahil sa kasalanan, at ang handog dahil sa pagkakasala; sapagka't ang lugar ay santo. 14 Pagka ang mga sacerdote ay pumapasok, hindi nga sila lalabas sa santong lugar na papasok sa looban sa labas, kungdi doon nila

ilalapag ang kanilang mga kasuotan na kanilang ipinamamahala; sapagka't mga santo: at sila'y magsusuot ng ibang mga kasuotan, at lalapit sa ukol sa bayan.

15 Ng matapos nga niyang masukat ang lalong loob ng bahay, inilabas niya ako sa daan ng pintuang-daan na nakaharap sa dakong silanganan, at sinukat sa palibot. 16 Sinukat niya sa dakong silanganan ng panukat na tambo, na limang daang tambo, ng sukat na tambo sa palibot. 17 Sinukat niya sa dakong hilagaan, na limang daang tambo ng panukat na tambo sa palibot. 18 Sinukat niya sa dakong timugan, na limang daang tambo ng panukat na tambo. 19 Siya'y punilit sa dakong kalunuran, at sinukat ng limang daang tambo ng panukat na tambo. 20 Sinukat niya sa apat na sulok: may pader sa palibot, ang haba'y limang daan, at ang luang ay limang daan, upang igawa ng pagkakahiwalay ang santo at ang karanian.

43 Pagkatapos ay dinala niya ako sa pintuang-daan, sa pintuang-daan na nakaharap sa dakong silanganan: 2 at, narito, ang kalualhatian ng Dios ng Israel ay nangagalang sa dakong silanganan: at ang kaniyang voces ay gaya ng lagaslas ng maraming tubig: at ang lupa ay sumilang ng kaniyang kalualhatian. 3 At ayon sa hichura ng malikmata na aking nakita, ayon sa malikmata na nakita ko ng ako'y pumaroon upang gibain ang ciudad; at ang mga malikmata ay gaya ng malikmata na aking nakita sa tabi ng ilog Kebar: at ako'y napasubasob. 4 At ang kalualhatian ng PANGINOON ay nasok sa bahay sa daan ng pintuang-daan na nakaharap sa dakong silanganan. 5 At itinaas ako ng espiritu, at dinala ako sa lalong loob na looban; at, narito, pinuno ng kalualhatian ng PANGINOON ang bahay. 6 At aking narinig ang isang nagsasalita sa akin mula sa bahay; at isang lalaki ay tamayo sa siping ko. 7 At sinabi niya sa aking: Anak ng tawo, ito ang lugar ng aking luklukan, at lugar ng mga tala-pakan ng aking mga paa, na aking tatanahan sa gitna ng mga anak ng Israel magpakailan man: at hindi na dudumban pa ng bahay ng Israel ang aking santong pangalan, nila man, o ng kanilang mga hari man, ng kanilang pakikiapid, at ng mga bangkay man ng kanilang mga hari sa kanilang mga mataas na lugar; 8 sa

kanilang paglalagay ng kanilang tungtungan sa tabi ng aking tungtungan, at ng haligi ng kanilang pintuan sa tabi ng aking haligi ng pintuan, at wala kungdi pader sa pag-itan ko at nila; at kanilang dipumahan ang aking santong pangalan sa pamamag-itan ng kanilang mga kasuklamsuklam na nakamit: kaya't aking mga tinunaw sa aking galit. 9 Alisin nga nila ang kanilang pakikiapid, at ang mga bangkay ng kanilang mga hari, na malayo sa akin, at ako'y tatahan sa gitna nila magpakailan man.

10 Ikaw anak ng tawo, ipakilala mo ang bahay sa bahay ng Israel, upang sila'y mangapahiya sa kanilang mga kasam-an: at sukatin nila ang anyo. 11 At kung sila'y mapahiya sa lahat nilang ginawa, ipakilala ninyo sa kanila ang hichura ng bahay, at ang pagkaanyo noon, at ang labasan noon, at ang pasukan noon, at lahat ng hichura noon, at ang boong ayos noon, at lahat ng hichura noon, at lahat ng kautusan noon, at inyong isulat sa kanilang pangingin: upang kanilang maingatan ang boong hichura noon, at ang boong ayos noon, at kanilang mga gawin. 12 Ito ang kautusan ng bahay: sa taluktok ng bundok sa boong hanganan noon sa palibot ay magiging pinakasanto. Narito, ito ang kautusan ng bahay.

13 At ito ang mga sukat ng altar ayon sa mga siko: (ang siko ay isang siko at isang lapad ng kamay:) ang tungtungan ay magiging isang siko, at ang luang ay isang siko, at ang laylayan noon sa palibot ay isang dangkal: at ito ang magiging tungtungan ng altar. 14 At mula sa tungtungan sa lupa sa lalong mababang pahingahan ay malalagay na dalawang siko, at ang luang ay isang siko; at mula sa lalong maliit na pahingahan hangang sa lalong malaking pahingahan ay malalagay na apat na siko, at ang luang ay isang siko. 15 At ang lalong mataas na altar ay magiging apat na siko; at mula sa apuyan ng altar hangang sa dakong itaas ay magkakaroon ng apat na sungay. 16 At ang apuyan ng altar ay magkakaroon ng labing dalawang siko ang haba, sa labing dalawa ang luang, parisukat sa apat na tagiliran noon. 17 At ang pahingahan noon ay magkakaroon ng labing apat na siko ang haba sa labing apat na siko ang luang sa apat na tagiliran noon; at ang laylayan sa palibot ay magiging kalaha-

ting siko; at ang tungtungan noon ay magiging isang siko sa palibot; at ang mga baitang noon ay halarap sa dakong silanganan.

18 At sinabi niya sa aking: Anak ng tawo, ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Ito ang mga ayos ng altar sa kaarawan na kanilang gagawin, upang paghandugan ng mga handog na susunugin, at upang pagwisikan ng dugo. 19 Iyong ibibigay sa mga sacerdote na mga Levita na sa binhi ni Zadok na malapit sa akin, upang mamahala sa akin, sabi ng Panginoong Dios, pa isang guyang baka na pinakahandog dahil sa kasalanan.

20 At kukuba ka ng dugo noon, at ilalagay mo sa apat na sungay noon, at sa apat na sulok ng pahingahan, at sa laylayan sa palibot; ganito mo lilinisin at tutubusin. 21 Iyo namang kukunin ang baka na handog dahil sa kasalanan, at susunugin mo sa takdang lugar ng bahay, sa labas ng santuario. 22 At sa ikalawang araw ay maghahandog ka ng kambing na lalaki na walang kapintasan na pinakahandog dahil sa kasalanan; at kanilang lilinisin ang altar gaya ng kanilang pagkalinis sa pamamag-itan ng baka. 23 Pagka ikaw ay nakatapos ng paglilinis, maghahandog ka ng isang guyang baka na walang kapintasan, at isang lalaking tupa na mula sa kawan na walang kapintasan.

24 At iyong mga ilalapat sa harap ng PANGINOON, at mga hahagisan ng asin ng mga sacerdote, at kanilang mga iha-handog na pinakahandog na susunugin sa PANGINOON. 25 Pitong araw na maghahanda ka sa bawat araw ng isang kambing na pinakahandog dahil sa kasalanan: maghahanda rin sila ng guyang baka, at isang lalaking tupang mula sa kawan, na walang kapintasan. 26 Pitong araw na kanilang tutubusin ang altar at lilinisin; gayon nila itatalaga. 27 At pagka kanilang natapos ang mga kaarawan, mangyayari na sa ikawalong araw, at sa haharapin, gagawin ng sacerdote ang inyong mga handog na susunugin sa ibabaw ng altar, at ang inyong mga handog tungkol sa kapayapaan; at aking tatanggapin kayo, sabi ng Panginoong Dios.

44 Ng magkagayo'y ibinalik niya ako sa daan ng labas na pintuang-daan ng santuario, na nakaharap sa dakong silanganan; at nasara. 2 At sinabi ng PANGINOON sa aking: Ang

pintuang-daang ito ay sasarhan, hindi bubuksan, o papasukan man ng sino man, sapagka't pinasukan ng PANGINOON, ng Dios ng Israel; kaya't sasarhan. 3 Tungkol sa pangulo, siya'y uupo roon na pinakapangulo upang kumain ng tinapay sa harap ng PANGINOON; siya'y papasok sa daan ng pasukan ng pintuang-daan, at lalabas sa daan ding yaon. 4 Ng magkabayoy dinala niya ako sa daan ng hilagaang pintuang-daan sa harap ng bahay; at ako'y tumingin, at, narito, pinuno ng kaluallhatian ng PANGINOON ang bahay ng PANGINOON: at nasubasob ako. 5 At ang PANGINOON ay nagsabi sa aking: Anak ng tawo, tandaan mong mabuti, at masdan mo ng iyong mga mata, at pakingan mo ng iyong mga pakinig ang lahat na aking sinasabi sa iyo tungkol sa lahat ng ayos ng bahay ng PANGINOON, at ng lahat ng kautusan doon; at tandaan mong mabuti ang pasukan ng bahay sampuo ng baw't labasap sa santuario. 6 At iyong sasabihin sa mapanghimagsik, sa bahay ng Israel: Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Oh kayong bahay ng Israel, maglikat na kayo sa lahat niyong kasuklamsuklam, 7 sa inyong pagpapasok ng mga taga-ibang lupa na hindi tuli sa puso at hindi tuli sa laman, upang malagay sa aking santuario, na dumhan yaon, ang aking bahay, pagka inyong inihahandog ang aking tinapay, ang taba at ang dugo, at sinira nila ang aking tipan, upang idagdag sa lahat niyong mga kasuklamsuklam. 8 At hindi niyoy iningatan ang katungkulan sa aking mga santong bagay: kungdi kayoy naglagay ng mga tagapag-ingat ng katungkulan sa kanila sa aking santuario para sa inyong sarili. 9 Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Walang taga ibang lupa, na hindi tuli sa puso at hindi tuli sa laman na papasok sa aking santuario, sino mang taga ibang lupa na nasa gitna ng mga anak ng Israel. 10 Ngunit ang mga Levita na lumayo sa akin, ng ang Israel ay maligaw sa akin sa pag-sunod sa kanilang mga idolo; magdadala sila ng kanilang kasam-an. 11 Gayon ma'y magiging tagapamahala sila sa aking santuario, na magkakaroon ng pamamahala sa mga pintuang-daan ng bahay, at mamamahala sa bahay: kanilang papatayin ang handog na susunugin at ang hayin para sa bayan, at sila'y tatayo sa harap ng mga yaon upang mga pamahalaan nila. 12 Sapagka't kanilang

mga pinamamahalaan sa harap ng kanilang mga idolo, at naging katitisan sa kasam-an sa bahay ng Israel; kaya't itina-as ko ang aking kamay laban sa kanila, sabi ng Panginoong Dios, at dadalhin nila ang kanilang kasam-an. 13 At hiudi sila lalapit sa akin upang gumawa ng katungkulan ng sacerdote sa akin, o lumapit man sa alin man sa mga santong bagay ko, sa mga bagay na pinakasanto; kungdi dadalhin nila ang kanilang kahihyan, at ang kanilang mga kasuklamsuklam na kanilang nakamit. 14 Gayon ma'y gagawin ko silang tagapag-ingat ng pamamahala sa bahay, para sa boong paglilingkod doon, at para sa lahat na gagawin doon.

15 Ngunit ang mga sacerdoteng Levita na mga anak ni Zadok, na nag-iingat ng katungkulan sa aking santuario ng ang mga anak ng Israel ay humiwalay sa akin, sila'y lalapit sa akin upang mamahala sa akin; at sila'y tatayo sa harap ko upang maghandog sa akin ng taba at ng dugo, sabi ng Panginoong Dios: 16 sila'y papasok sa aking santuario, at sila'y lalapit sa aking dulang, upang mamahala sa akin, at iningatan nila ang aking bilin. 17 At mangyayari na, pagka sila'y pumasok sa mga pintuang-daan ng lalong loob na looban, susuotan sila ng mga kayong puting kasuotan; at walang lamang dadaiti sa kapila, samantalang sila'y namamahala sa mga pintuang-daan ng lalong loob na looban, at sa bahay. 18 Sila'y magkakaroon ng kayong puti sa kanilang mga ulo, at magkakaroon ng mga tapi na kayong puti sa kanilang mga balakang; hindi sila magbibigkis ng *ono mang* nakapagpapawis. 19 At pagka sila'y lumabas sa looban sa labas, sa labas na looban sa bayan, kanilang huhubarin ang kanilang mga kasuotan na kanilang ipinamahala, at mga ilalagay nila sa mga santong silid, at magsusuot sila ng ibang mga kasuotan, upang huag nilang papaging santohin ang bayan ng kanilang mga kasuotan. 20 Huag man silang mag-aahit ng kanilang mga ulo, o titiisin mang ang kanilang bubok ay humaba; kanila lamang gugupitan ang kanilang mga ulo. 21 At huag man iinom ang sino mang sacerdote ng alak, pagka sila'y papasok sa lalong loob na looban. 22 Huag silang mag-aasawa sa babayeng bao, o sa inihawalay man: kungdi sila'y kukuha ng mga dalaga sa binhi ng bahay ng Israel, o ng babayeng

bao na nabao sa sacerdote. **23** At kanilang tuturuan ang aking bayan ng pagkakaiba ng santo at ng karaniwan, at ipabubulay nila sa kanila ang marami at malinis. **24** At sa pagkakaalit sila'y tatayo upang humatol; ayon sa aking mga kahatulan ay kanilang hahatulan: at kanilang iingatun ang aking mga kautusan at ang aking mga palatuntunan sa lahat kong takdang kapistahan; at kanilang ipangingilin ang aking mga sabado. **25** At hindi sila lalapit sa alin mang patay na tawo upang magpakahawa: ngunit sa ama, o sa ina, o sa anak na lalaki o babaye, sa kapatid na lalaki o babaye na hindi nagkaasawa, maaaring magpakahawa sila. **26** At pagkatapos na siya'y malinis, sila'y bibilang sa kaniya ng pitong araw. **27** At sa kaarawan na siya'y pumasok sa santuario, sa lalong loob na looban upang mamahala sa santuario, siya'y maghahandog ng kaniyang handog dahil sa kasalanan, sabi ng Panginoong Dios. **28** At sila'y magkakaroon ng mana; ako'y kanilang mana: at huag ninyong bibigyan sila ng pag-aari sa Israel: ako'y kanilang pag-aari. **29** Sila'y kakain ng handog na harina, at ng handog dahil sa kasalanan, at ng handog dahil sa pagkakasala; at lahat ng bagay na itinalaga sa Israel ay magiging kanila. **30** At ang una sa lahat na unang bunga ng lahat na bagay, at lahat na alay na bawat bagay, sa lahat ninyong mga alay ay magiging sa mga sacerdote: inyo namang ibibigay sa sacerdote ang una sa inyong masa, upang papagpahingahin ang isang pagpapala sa inyo bahay. **31** Ang sacerdote ay hindi kakain ng ano mang bagay na namamatay sa kaniyang sarili, o nalapa, maging ibon o hayop.

**45** Bukod dito'y pagka inyong hahatiin sa pamamag-itan ng sapalaran ang lupain na pinakamana, maghahandog kayo ng alay sa PANGINOON, isang santong bahagi ng lupain: ang haba ay magkakaroon ng habang dalawang puot limang libong *tambo*, at magkakaroon ng luang na sampuung libo: magiging santo sa lahat ng laylayan noon sa palibot. **2** Dito'y magkakaroon para sa santong lugar ng limang daan ang haba sa limang daang luang, parisukat sa palibot; limang puong siko sa pag-itan noon sa palibot. **3** At sa sukat na ito iyong susukatin, na ang haba ay dalawang puot limang libo, at ang luang ay sampuung libo: at

dog'y malalagay ang santuario, na pinakasanto. **4** Siyang santong bahagi ng lupain mapapasa mga sacerdote, na mga tagapamahala sa santuario, na lumalapit upang mamahala sa PANGINOON: at magiging lugar para sa kanilang mga bahay, at santong lugar para sa santuario. **5** At dalawang puot limang libo ang haba, at sampuung libo ang luang ay mapapasa mga Levita, na mga tagapamahala ng bahay na pinakapag-aari sa kanilang sarili, na dalawang puong silid. **6** At inyong itatakda ang pag-aari ng ciudad na limang libo ang luang, at dalawang puot limang libo ang haba, sa tabi ng alay na santong bahagi: magiging para sa boong bahay ng Israel. **7** Magkakaroon naman para sa pangulo ng bahagi sa isang dako at sa kabilang dako sa santong alay at sa pag-aari ng ciudad, sa tapat ng santong alay at sa tapat ng pag-aari ng ciudad, sa dakong kalumuran na gawing kalumuran, at sa dakong silanganan na gawing silanganan: at ang haba ay ayon sa isa sa mga bahagi, mula sa kalunurang hangganan sa silanganang hangganan. **8** Ang lupain ay mapapasa kaniya na pinakaari sa Israel: at hindi na pipighatiin pa ng aking mga pangulo ang aking bayan; kungdi ibibigay nila ang lupainsa bahay ng Israel ayon sa kanilang mgaangkaan.

**9** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Siya na, Oh mga pangulo ng Israel: Iwan ninyo ang pangdadahas at pagsamsam, at gumawa kayo ng kahatulan at ng matuid; alisin ninyo ang inyong paggipit sa aking bayan, sabi ng Panginoong Dios. **10** Kayo'y magkakaroon ng mga tapat na timbangan at tapat na efa, at tapat na bato. **11** Ang efa at ang bato ay magiging isang takalan, upang ang bato ay maglaman ng ikasampuung bahagi ng isang homer, at ang efa ay ikasampuung bahagi ng isang homer: ang takal noon ay magiging ayon sa homer. **12** At ang siklo ay maglalaman ng dalawang puong gera: dalawang puong siklo, dalawang puot limang siklo, o labinglimang siklo, siyang magiging maneh ninyo. **13** Ito ang alay na inyong ihahandog; ang ikaanim na bahagi ng isang efa sa isang homer ng trigo, at inyong ibibigay ang ikaanim na bahagi ng isang efa sa isang homer ng cebada: **14** at ang takdang bahagi ng langis, ng bato ng langis, magiging ikasampuung bahagi ng bato sa koro, na sampuung bato, isang homer, sapagka't sampuung bato ay isang



homer: **15** at isang cordero sa kawan, sa dalawang daan, na mula sa matabang sabsaban sa Israel; na pinakahandog na harina, at pinakahandog na susunugin, at pinakahandog tungkol sa kapayapaan, upang ipangtubos sa kanila, sabi ng Panginoong Dios. **16** Boong bayan ng lupain ay magbibigay ng alay na ito sa pangulo sa Israel. **17** At magiging bahagi ng pangulo na magbigay ng mga handog na susunugin, at ng mga handog na harina, at ng mga inuming handog, sa mga kapistahan, at sa mga bagong buan, at sa mga sabado, sa lahat ng takdang kapistahan ng bahay ng Israel: siya'y maghahanda ng handog dahil sa kasalanan, at ng handog na harina, at ng handog na susunugin, at ng mga handog tungkol sa kapayapaan, upang ipangtubos sa bahay ng Israel.

**18** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Sa unang buan, sa unang araw ng buan, kukuha ka ng guyang baka na walang kapintasan; at iyong lilitin ang santuario. **19** At ang sacerdote ay kukuha ng dugo ng handog dahil sa kasalanan, at ilalagay sa mga itaas ng pintuan ng bahay, at sa apat na sulok ng tungtungang altar, at sa mga haligi ng pintuang-daan ng lalong loob na looban. **20** At gayon ang iyong gagawin sa ikapitong araw ng buan para sa bawat magkakamali, at para sa bawat walang malay: gayon ninyo tutubusin ang bahay. **21** Sa unang buan, sa ikalabing apat na araw ng buan, magkakaroon kayo ng paskua, isang kapistahan na pitong araw; tinapay na walang lewadura ang kakanin. **22** At sa araw na yaon ay maghahanda ang pangulo para sa kaniya at para sa boong bayan ng lupain ng isang guyang toro na pinakahandog dahil sa kasalanan. **23** At sa pitong araw ng kapistahan ay maghahanda siya ng handog na susunugin sa PANGINOON, pitong baka, at pitong tupa na walang kapintasan sa araw-araw na pitong araw; at isang kambing araw-araw na pinakahandog dahil sa kasalanan. **24** At siya'y maghahanda ng handog na harina, ng isang efa sa isang toro, at ng isang efa sa isang lalaking tupa, at isang hin ng langis sa isang efa. **25** Sa ikapitong buan, sa ikalabing limang araw ng buan, sa kapistahan, kaniyang gagawin ang gaya ng pitong araw; ayon sa handog dahil sa kasalanan, ayon sa handog na

susunugin, at ayon sa handog na harina, at ayon sa langis.

**46** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Ang pintuang-daan ng lalong loob na looban na nakaharap sa dakong silangan ay sararhau sa anim na araw na iginagawa; nguni't sa sabado ay bubuksan, at sa kaarawan ng bagong buan ay bubuksan. **2** At ang pangulo ay papasok sa daan ng pasukan ng pintuang-daan sa labas; at tatayo sa tabi ng haligi ng pintuang-daan, at maghahanda ang mga sacerdote ng kaniyang handog na susunugin, at ng kaniyang mga handog tungkol sa kapayapaan, at siya'y sasamba sa may tungtungan sa pintuang-daan; kung magkagayo'y lalabas siya: nguni't ang pintuang-daan ay hindi sararhan hangang sa kinahapunan. **3** At ang bayan ng lupain ay sasamba sa may pintuan ng pintuang-daang yaon sa harap ng PANGINOON sa mga sabado at sa mga bagong buan. **4** At ang handog na susunugin na ihahandog ng pangulo sa PANGINOON sa araw ng sabado ay anim na cordero na walang kapintasan at isang lalaking tupang walang kapintasan; **5** at ang handog na harina ay isang efa sa lalaking tupa, at ang handog na harina sa mga cordero ay ang kaniyang kayang ibigay, at isang hin ng langis sa isang efa. **6** At sa kaarawan ng bagong buan ay isang guyang baka na walang kapintasan; at anim na cordero at isang lalaking tupa; mga walang kapintasan: **7** at siya'y maghahanda ng handog na harina, isang efa sa baka, at isang efa sa lalaking tupa, at sa mga cordero ay ayon sa kaniyang kaya, at isang hin na langis sa isang efa. **8** At pagka ang pangulo ay papasok, siya'y papasok sa daan ng pasukan ng pintuang-daan, at sa daan ding yaon siya lalabas. **9** Nguni't pagka ang bayan ng lupain ay naharap sa PANGINOON sa mga takdang kapistahan, siyang nanasok sa daan ng hilagaang pintuang-daan upang sumamba ay lalabas sa daan ng timugang pintuang-daan; at siyang nanasok sa daan ng timugang pintuang-daan ay lalabas sa daan ng hilagaang pintuang-daan: hindi siya babalik sa daan ng pintuang-daan na kaniyang pinasukan, kundi lalabas na matnid sa harap niya. **10** At ang pangulo, pagka sila'y papasok, papasok sa gitna nila; at pagka sila'y lalabas ay lalabas na magkakasama. **11** At sa mga kapistahan at sa mga kadakilaan ay ang handog na

harina ay magiging isang efa sa isang baka, at isang efa sa lalaking tupa, at sa mga cordero ay ang kayang ibigay niya, at isang hin ng langis sa isang efa. **12** At pagka ang pangulo ay maglahanda ng kusang handog, ng handog na susunugin, o ng mga handog tungkol sa kapayapaan na pinakakusang handog sa PANGINOON, isa'y magbubukas sa kaniya ng pintuang-daan na nakaharap sa dakong silanganan, at kaniyang ihahanda ang kaniyang handog na susunugin at ang kaniyang mga handog tungkol sa kapayapaan, gaya ng kaniyang ginagawa sa araw ng sabado: kung magkagayo'y lalabas siya; at pagkalabas niya ay sasarahan ng isa ang pintuang-daan. **13** At ikaw ay maghahanda ng isang cordero sa unang taon na walang kapintasan na pinakahandog na susunugin sa PANGINOON araw-araw: tuing umaga ay maglahanda ka. **14** At iyong ihahandang handog na harina na kasama noon tuing umaga, ang ikaanim na bahagi ng isang efa, at ang ikatlong bahagi ng isang hin ng langis, upang basain ang bulaklak ng harina: isang handog na harina na lagi sa PANGINOON: na pinakalaging ayos. **15** Ganito nila ihahanda ang cordero at ang handog na harina, at ang langis, tuing umaga, na pinakahandog na susunugin lagi.

**16** Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Kung ang pangulo ay magbigay ng kaloob sa kanino man sa kaniyang mga anak; ay magiging kaniyang mana, maunkol sa kaniyang mga anak; siyang kaniyang pag-aari na pinakamana. **17** Ngunit kung ibigay niya ang kaniyang mana na pinakakaloob sa isa sa kaniyang mga alipin, magiging kaniya sa taon ng kala-yaan; kung magkagayo'y mababalik sa pangulo; ngunit tungkol sa kaniyang mana, magiging sa kaniyang mga anak. **18** Bukod dito'y hindi kukuha ang pangulo ng mana ng bayan, na aalisin sa kanila ang kanilang pag-aari; siya'y magbibigay ng mana sa kaniyang mga anak na mula sa kaniyang sariling pag-aari: upang ang aking bayan ay huag mangalat baw't isa sa kaniyang pag-aari.

**19** Ng magkagayo'y dinala niya ako sa pasukan, na nasa tabi ng pintuang-daan, sa loob ng mga santong silid para sa mga sacerdote, na nakaharap sa hilagaan: at, narito, may isang lugar sa lalong loob na bahagi na dakong kalunuran. **20** At sinabi niya sa aking: Ito ang lugar na pagpapakuluan ng mga sacerdote ng han-

dog sa pagkakasala at ng handog dahil sa kasalanan, na siyang kanilang pag-iihawan ng handog na harina; upang huag nilang mailabas sa lalong labas na looban, upang papaging santohin ang bayan. **21** Ng magkagayo'y inilabas niya ako sa lalong labas na looban at pinaraan niya ako sa apat na sulok na looban; at, narito, sa baw't sulok ng looban ay may isang looban. **22** Sa apat na sulok ng looban ay may mga nababakurang looban, apat na puong siko ang haba at tatlong puo ang luang: ang apat na ito sa mga sulok ay may isang sukut. **23** At may isang hanay na bahay sa palibot nila, sa palibot ng apat, at ginawang pakuluang mga lugar ang ilalaim ng mga hanay sa palibot. **24** Ng magkagayo'y sinabi niya sa aking: Ito ang mga bahay na pakuluan, na pagpapakuluan ng tagapamahala ng bahay ng hayin ng bayan.

**47** At ibinalik niya ako sa piutuan ng bahay: at, narito, ang mga tubig na lumalabas sa ilalim ng tungtungan ng bahay sa dakong silanganan, sapagka't ang harapan ng bahay ay sa dakong silanganan; at ang mga tubig ay umaagos sa ilalim, mula sa dakong kanan ng bahay sa timugan ng altar. **2** Ng magkagayo'y inilabas niya ako sa daan ng pintuang-daang hilagaan, at pinatnubayan niya ako sa palibot ng daan sa labas sa lalong labas ng pintuang-daan, sa daan ng pintuang-daan na nakaharap sa dakong silanganan; at narito, doo'y umaagos ang mga tubig sa dakong kanan. **3** Ng ang lalaki ay lumabas sa dakong silanganan na may panukat sa kaniyang kamay, siya'y sumukat ng isang libong siko, at pinaraan niya ako sa mga tubig, sa mga tubig na hangang bukongbukong. **4** Muling sumukat siya ng isang libo, at pinaraan niya ako sa mga tubig, sa mga tubig na sa hangang tuhod. Muli siyang sumukat ng isang libo, at pinaraan niya ako sa mga tubig, sa mga tubig na hangang sa mga balakang. **5** Pagkatapos ay sumukat siya ng isang libo; at isang ilog na, na hindi ko nararaan: sapagka't ang mga tubig ay sumasampa, mga tubig upang languyan, ilog na hindi mararaan. **6** At sinabi niya sa aking: Anak ng tawo, Nakita mo ba ito? Ng magkagayo'y dinala niya ako at pinabalik niya ako sa tabi ng ilog. **7** Ng ako ngay' makabalik, narito, sa pangpang ng ilog, ay may totoong maraming puno ng kahoy sa isang dako at sa kabila. **8** Ng magkagayo'y sinabi niya sa aking:

Ang mga tubig na ito ay lumalabas sa dakong silanganang lupain, at bababa sa Araba: at yayaon sa dagat; sa dagat ay *papasok ang mga tubig* na pinalabas; at ang tubig ay gagaling. 9 At mangyayari, na baw't may buhay na nilalang na dumadami, saan mang lugar pumaroon ang tubig, mabubuhay; at magkakaroon ng totoong napakaraming isda: sapagka't ang mga tubig na ito ay dumarating diyan, at *ang mga tubig ng dagat ay gagaling*, at baw't bagay ay mabubuhay saan man dumating ang ilog. 10 At mangyayari, na ang mga mangingisda ay tatayo sa tabi noon: mula sa En-gedi hangang sa En-eglaim ay magiging lugar na ladlaran ng mga lambat; ang kanilang isda ay magiging ayon sa kanilang pagkaka-isda, gaya ng isda sa malaking dagat, na totoong marami. 11 Ngunit ang kaniyang mga lugar na malabo at ang mga lumbak noon, hindi gagaling; sila nga'y magiging asinan. 12 At sa pangpang ng ilog sa tabi noon, sa dakong ito at sa dakong yaon, tutubo ang sarisaring punong kahoy na pinakapagkain, na ang dahon ay hindi malalanta, o magkukulang man ang bunga noon: magbubunga ng bago tuing buan, sapagka't ang tubig noon ay lumalabas sa santuario: at ang bunga noon ay magiging pagkain at ang dahon noon ay pangamot.

13 Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Ito ang magiging hanganan, na inyong pagbabahagihan ng lupain na pinakamana ayon sa labing dalawang angkan ng Israel: Ang Jose ay *magkakaroon ng mga bahagi*. 14 At inyong mamanahin, ng isa na gaya ng iba; ayon sa pinagtaasan ko ng aking kamay upang ibigay sa inyong mga magulang: At ang lupaing ito ay mahuhulog sa inyo na pinakamana. 15 At ito ang magiging hanganan ng lupa-in: sa dakong hilagaan, mula sa malaking dagat, sa daang Hetlon, hangang sa pasukan ng Zedad; 16 Hamat, Berota, Sibraim, na nasa pag-itan ng hanganan ng Damasko at ng hanganan ng Hamat; Hazer-hatikon na nasa tabi ng hanganan ng Hauran. 17 At ang hangangang mula sa dagat ay magiging ang Hazer-enon sa hanganan ng Damasko, at nasa hilagaan na dakong hilagaan ang hanganan ng Hamat. Ito ang dakong hilagaan. 18 At sa dakong silanganan, sa pag-itan ng Hauran at ng Damasko at ng Gilead, at ng lupain ng Israel, magiging ang Jordan; mula sa *hilagaang*

hanganan hangang sa silanganang dagat ay inyong susukatin. Ito ang dakong silanganan. 19 At ang timugang dako na gawing timugan ay magiging mula sa Tamar hangang sa mga tubig ng Meribatkades, sa batis ng *Egipto*, hangang sa malaking dagat. Ito ang timugang dako na gawing timugan. 20 At ang kalunuran dako ay magiging ang malaking dagat, mula sa *timugang hanganan hangang sa tapat ng pasukan sa Hamat*. Ito ang kalunuran dako. 21 Gayon ninyo hahatiin ang lupaing ito sa inyo ayon sa mga angkan ng Israel. 22 At mangyayari na inyong hahatiin sa sapalaran na pinakamana sa inyo at sa mga taga ibang lupa na naningibang bayan sa gitna ninyo, na magkakaanak sa gitna ninyo; at sila'y magiging sa inyo'y pangrang ipinanganak sa gitna ng mga anak ng Israel; sila'y magkakaroon ng mana na kasama ninyo sa gitna ng mga angkan ng Israel. 23 At mangyayari, na kung saang angkan nangibang bayan ang taga ibang lupa, doon ninyo bibigyan siya ng mana, sabi ng Panginoong Dios.

48 Ang mga ito nga ang mga pangalan ng mga angkan: mula sa dulong hilagaan, sa tabi ng daan ng Hetlon hangang sa pasukan ng Hamat, Hazer-enan, sa hanganan ng Damasko, na dakong hilagaan sa gawing yaon ng Hamat; at mga magkakaroon ng mga dakong silanganan at kalunuran; ang Dan ay isang *bahagi*. 2 At sa tabi ng hanganan ng Dan, mula sa dakong silanganan hangang sa dakong kalunuran; ang Aser, isang *bahagi*. 3 At sa tabi ng hanganan ng Aser, mula sa dakong silanganan hangang sa dakong kalunuran; ang Naftali, isang *bahagi*. 4 At sa tabi ng hanganan ng Naftali, mula sa dakong silanganan hangang sa dakong kalunuran; ang Manases, isang *bahagi*. 5 At sa tabi ng hanganan ng Manases, mula sa dakong silanganan hangang sa dakong kalunuran; ang Efraim, isang *bahagi*. 6 At sa tabi ng hanganan ng Efraim, mula sa dakong silanganan hangang sa dakong kalunuran; ang Ruben, isang *bahagi*. 7 At sa tabi ng hanganan ng Ruben, mula sa dakong silanganan hangang sa dakong kalunuran; ang Juda isang *bahagi*.

8 At sa tabi ng hanganan ng Juda, mula sa dakong silanganan hangang sa dakong kalunuran, malalagay ang alay na inyong ihahandog, dalawang puo't limang

libong *tambo* ang luang, at ang haba ay *gaya* ng isa sa mga bahagi, mula sa dakong silanganang hangang sa dakong kalunuran: at ang santuario ay malalagay sa gitna noon. 9 Ang alay na inyong ihahandog sa PANGINOON ay magkakaroon ng dalawang puo't limang libong *tambo* ang haba, at sampuung libo ang luang. 10 At magiging sa mga ito, sa mga sacerdote, ang santong alay; sa dakong hilagaan ay dalawang puo't limang libo ang *haba*, at sa dakong kalunuran ay sampuung libo ang luang, at sa dakong silanganang hangang sa dakong libo ang luang, at sa dakong tiraugan ay dalawang puo't limang libo ang haba: at ang santuario ng PANGINOON ay malalagay sa gitna noon. 11 *Magiging* sa mga sacerdote na mga pinapaging santo sa mga anak ni Zadok, na nag-lingat ng aking bilin; na hindi mga magpakaligaw ng ang mga anak ng Israel ay magpakaligaw, na *gaya* ng mga Levita na magpakaligaw. 12 At sa kanila'y magiging alay na mula sa alay ng lupain, bagay na pinakasanto sa tabi ng hanganan ng mga Levita. 13 At tungkol sa hanganan ng mga sacerdote, ang mga Levita ay magkakaroon ng dalawang puo't limang libo ang haba, at sampuung libo ang luang: ang boong haba ay magiging dalawang puo't limang libo, at ang luang ay sampuung libo. 14 At hindi nila ipagbibili, o ipagpapalit man, o ipagkakaloob sa iba man ang mga unang bunga ng lupain: sapagka't santo sa PANGINOON. 15 At ang limang libo na naiwan sa kaluugan, sa tapat ng dalawang puo't limang libo, magiging sa karaniwang kagamitan para sa ciudad, para sa tahanan, at para sa mga arrabal: at ang ciudad ay malalagay sa gitna noon. 16 At ang mga ito ang magiging mga sukat noon; sa dakong hilagaan ay apat na libo at limang daan, at sa dakong timugan ay apat na libo at limang daan, at sa dakong silanganang hangang ay apat na libo at limang daan, at sa dakong kalunuran ay apat na libo at limang daan. 17 At ang ciudad ay magkakaroon ng mga arrabal; sa dakong hilagaan ay dalawang daan at limang puong *tambo*, at sa dakong timugan ay dalawang daan at limang puo, at sa dakong silanganang hangang ay dalawang daan at limang puo, at sa dakong kalunuran ay dalawang daan at limang puo. 18 At ang labis sa haba, na nauukol sa santong alay, magiging sampuung libo sa dakong silanganang, at

sampuung libo sa dakong kalunuran: at magiging ukol sa santong alay; at ang bunga noon ay magiging pinakapagkain sa mga gumagawa sa ciudad. 19 At tatamnan nilang gumagawa sa ciudad sa lahat ng angkan ng Israel. 20 Boong alay ay magiging dalawang puo't limang libong *tambo* sa dalawang puo't limang libo: inyong ihahandog na parisukat ang santong alay, sampuon ng pag-aari ng ciudad.

21 At ang labis ay magiging sa pangulo, sa isang dako at sa kabilang dako ng santong alay at sa pag-aari ng ciudad, sa tapat ng dalawang puo't limang libo na alay sa dako ng silanganang hanganan, at sa dakong kalunuran sa tapat ng dalawang puo't limang libo sa dako ng kalumurang hanganan, na ukol sa mga bahagi, magiging sa pangulo: at ang santong alay at ang santuario ng bahay ay malalagay sa gitna noon. 22 Bukod dito'y mula sa pag-aari ng mga Levita, at mula sa pag-aari ng ciudad na nasa gitna ng sa pangulo, sa pag-itan ng hanganan ng Juda at ng hanganan ng Benjamin, magiging sa pangulo.

23 At tungkol sa nalabi sa mga angkan: mula sa dakong silanganang hangang sa dakong kalunuran; ang Benjamin, isang *bahagi*. 24 At sa tabi ng hanganan ng Benjamin, mula sa dakong silanganang hangang sa dakong kalunuran; ang Simeon, isang *bahagi*. 25 At sa tabi ng hanganan ng Simeon, mula sa dakong silanganang hangang sa dakong kalunuran; ang Isakar, isang *bahagi*. 26 At sa tabi ng hanganan ng Isakar, mula sa dakong silanganang hangang sa dakong kalunuran; ang Zebulun, isang *bahagi*. 27 At sa tabi ng hanganan ng Zebulun mula sa dakong silanganang hangang sa dakong kalunuran; ang Gad, isang *bahagi*. 28 At sa tabi ng hanganan ng Gad, sa dakong timugan na gawing timugan, ang hanganan ay magiging mula sa Tamar hangang sa mga tubig ng Meribat-kades sa batis ng *Egipto*, hangang sa malaking dagat. 29 Ito ang lupain na inyong habatiin sa sapalaran sa mga angkan ng Israel na pinakamana, at ang mga ito ang kanilang mga iba't ibang bahagi, sabi ng Panginoong Dios.

30 At ang mga ito ang mga labasan sa ciudad; sa dakong hilagaan ay apat na libo at limang daang *tambo* sa sukat: 31 At ang mga pintuang-daan ng ciudad ay magiging ayon sa mga pangalan ng

mga angkan ng Israel; tatlong pintuang-daan sa dakong hilagaan: ang pintuang-daan ng Ruben, isa; ang pintuang-daan ng Juda, isa: ang pintuang-daan ng Levi, isa: **32** At sa dakong silanganan ay apat na libo at limang daang *tambo*; at tatlong pintuang-daan: ang pintuang-daan ng Jose, isa; ang pintuang-daan ng Benjamin, isa; ang pintuang-daan ng Dan, isa: **33** at sa dakong timugan ay apat na libo at limang daang *tambo* sa suklat; at tatlong pintuang-daan: ang

pintuang-daan ng Simeon, isa; ang pintuang-daan ng Isakar, isa; ang pintuang-daan ng Zebulun, isa: **34** sa dakong kalunuran ay apat na libo at limang daang *tambo*, sampuo ng kanilang tatlong pintuang-daan: ang pintuang-daan ng Gad, isa; ang pintuang-daan ng Aser, isa; ang pintuang-daan ng Naftali, isa: **35** Magkakaroon ng labing walong libong *tambo* sa palibot: at ang magiging pangalan ng ciudad mula sa araw na yaon ay: Ang PANGINOON ay nandiyan.

## ANG

## LIBRO NI DANIEL.

**1** Ng ikatlong taon ng paghahari ni Jehoiakim na hari sa Juda, ay napaaroon si Nebukadnezar na hari sa Babilonia sa Jerusalem, at kumulung doon. **2** At ibinigay ng Panginoon sa kaniyang kamay si Jehoiakim na hari sa Juda, sampuo ng bahagi ng mga kasangkapan ng bahay ng Dios; at mga dinala niya sa lupain ng Sinar sa bahay ng kaniyang dios: at ipinasok niya ang mga kasangkapan sa silid ng kayamanan ng kaniyang dios. **3** At ang hari ay nagsalita kay Aspenaz, na panginoon ng kaniyang mga bating, na siya'y magdala ng *ilan* sa mga anak ng Israel, sa binhing hari at sa mga mahal; **4** mga binatang walang kapintasan, kungdi may mabuting kias, at matalino sa lahat na karunungan, at bihasa sa kaalaman, at nakatalos ng dunong, at magkaroon ng gayong dunong at ano pa't makatayo sa palacio ng hari; at kaniyang tuturuan sila ng pagtuturo at ng wika ng mga Kaldeo. **5** At ipinagtakda ng hari sila ng bahagi sa araw-araw sa pagkain ng hari, at sa alak na kaniyang ininom, at sila'y kakandilihin na tatlong taon; upang sa wakas noo'y sila'y makatayo sa harap ng hari. **6** Nasa mga ito nga sa mga anak ng Juda, si Daniel, si Hananias, si Misael, at si Azarias. **7** At binigyan sila ng mga pangalan ng pangulo ng mga bating: kay Daniel ang ipinangalan ay Belteshazar; at

kay Hananias ay Sadrak; at kay Misael ay Mesak; at kay Azarias ay Abed-nego. **8** Nguni't pinasiyahan ni Daniel sa kaniyang puso na siya'y hindi magpapakahawa sa pagkain ng hari o sa alak man na kaniyang ininom: kaya't kaniyang hiniling sa pangulo ng mga bating na siya'y luag mapahawa. **9** Ginawa nga ng Dios na si Daniel ay makasumpung ng biyaya at habag sa paningin ng pangulo ng mga bating. **10** At sinabi ng pangulo ng mga bating kay Daniel: Ako'y natatakot sa aking panginoong hari, na nagtakda ng inyong pagkain at ng inyong inumin: sapagka't bakit niya titignan ang inyong mukhang maputla kay sa mga binata na inyong mga kasintanda? gayon ninyo ipapahamak ang aking ulo sa hari. **11** Ng magkagayo'y sinabi ni Daniel sa tagapamahala, na inihalal ng pangulo ng mga bating kay Daniel, kay Hananias, kay Misael, at kay Azarias: **12** Ipinamamamhik ko sa iyo, na subukin mo ang inyong mga alipin, na sampuon araw; at bigyan kami ng gulay na makain at tubig na mainom. **13** Kung magkagayo'y masdan mo ang aming mga mukha sa harap mo, at ang mukha ng mga binata na kumakain ng pagkain ng hari; at ayon sa iyong nakikita ay gawin mo sa iyong mga alipin. **14** Sa gayo'y dininig niya sila sa bagay na ito at sinubok niya sila na

sampuong araw. **15** At sa katapusan ng sampuon araw ay ang kanilang mga mukla ay napakitang lalong maganda, at sila'y lalong mataba sa laman kay sa lahat na mga binata na kumakain ng pagkain ng hari. **16** Sa gayo'y inalis ng tagapamahala ang kanilang pagkain at ang alak na kanilang iinumun, at binigyan sila ng gulay. **17** Tungkol nga sa apat na binatang ito, pinagkalooban sila ng Dios ng pagkakilala at katalinuan sa lahat ng pagtuturo at karunungan: at si Daniel ay may kaalaman sa lahat na malikmata at mga panaginip. **18** At sa katapusan ng mga araw na itinakda ng hari sa paghaharap sa kanila, ipinasok nga sila ng pangulo ng mga bating sa harap ni Nebukadnezar. **19** At ang hari ay nakipagsalitaan sa kanila; at sa kanilang lahat ay walang nasumpungang gaya ni Daniel, ni Hananias, ni Misael, at ni Azarias: kaya't sila'y panatili sa harap ng hari. **20** At sa bawat bagay ng karunungan at pagkakilala, tungkol sa inusisa ng hari sa kanila, nasumpungang niya silang makasampuon mainam kay sa lahat ng mga magiko' at mga enkantador na nasa kaniyang boong kabarian. **21** At si Daniel ay namalagi hangang sa mang taon ng haring Cyrus.

**2** At ng ikalawang taon ng paghahari ni Nebukadnezar ay panaginip si Nebukadnezar ng mga panaginip; at ang kaniyang espiritu ay nabagabag, at ang kaniyang pagtulog ay napukaw sa kaniya. **2** Ng magkagayo'y pinatawag ng hari ang mga magiko, at ang mga enkantador, at ang mga mangagaway, at ang mga Kaldeo, upang saysayin sa hari ang kaniyang mga panaginip. Sa gayo'y sila'y pumasok at humarap sa hari. **3** At sinabi ng hari sa kanilang: Ako'y nanaginip ng isang panaginip, at ang aking espiritu ay nabagabag sa pag-alam ng panaginip. **4** Ng magkagayo'y nagsalita ang mga Kaldeo sa hari sa wikang Syira: Oh hari, mabuhay ka magpakailan man: saysayin mo sa iyong mga alipin ang panaginip, at aming ipakikilala ang kahulugan. **5** Ang hari ay sumagot, at nagabi sa mga Kaldeo: Ang bagay ay nalimutan ko: kungdi ninyo ipakikilala sa akin ang panaginip at ang kahulugan noon, kayo'y kakatayin, at ang inyong mga bahay ay magiging dumihan. **6** Ngunit kung inyong ipakilala ang panaginip at ang kahulugan noon, kayo'y tatanggap sa akin ng mga kaloob at mga kagantihan

at malaking karangalan: kaya't ipakilala ninyo sa akin ang panaginip at ang kahulugan noon. **7** Sila'y sumagot na ikalawa, at nagsabing: Saysayin ng hari sa kaniyang mga alipin ang panaginip, at aming ipakikilala ang kahulugan. **8** Ang hari ay sumagot, at nagsabing: Tunay na talastas ko na ibig ninyong maglagay ng dahilan, sapagka't inyong nakikita na nalimutan ko ang bagay. **9** Ngunit kungdi ninyo ipakilala sa akin ang panaginip iisang kautusan lamang mairoon sa inyo: sapagka't kayo'y naghanda ng pagbubulaan at mga hamak na salita sa harap ko, hangang sa ang panahon ay magbago: kaya't saysayin ninyo sa akin ang pansginip, at malalaman ko na inyong maipakikilala sa akin ang kahulugan noon. **10** Ang mga Kaldeo ay sumagot sa harap ng hari, at nagsabing: Walang lalaki sa ibabaw ng lupa na makapagpapaaninaw ng bagay ng hari: sa paraang walang hari, panginoon, o puno man, na nagtanong ng ganiyang bagay sa kanino mang magiko o enkantador o Kaldeo. **11** At isang mahirap na bagay ang inuusisa ng hari at walang ibang makapagpapaaninaw sa harap ng hari, liban ang mga dios, na ang tahanan ay hindi kasama ng laman. **12** Dahil sa bagay na ito ang hari ay nagalit at totoong nag-aalab sa galit, at nag-utos na lipulin ang lahat na pantas na lalaki sa Babilonia. **13** Sa gayo'y itinanyag ang pasiya, at ang mga pantas na lalaki ay papatayin; at hinanap nila si Daniel at ang kaniyang mga kasama upang patayin. **14** Ng magkagayo'y nagbalik ng sagot si Daniel na may payo at kabaitan kay Ariok na kapitan ng bantay ng hari na lumabas upang patayin ang mga pantas na lalaki sa Babilonia; **15** siya'y sumagot, at nagsabi kay Ariok na kapitan ng hari: **16** Bakit ang pasiya ay totoong madalian sa ganang hari? Ng magkagayo'y ipinakilala ni Ariok ang bagay kay Daniel. **16** At si Daniel ay nasok at humiling sa hari na takdaan siya ng panahon, at kaniyang ipaaninaw sa hari ang kahulugan. **17** Ng magkagayo'y napaaroon si Daniel sa kaniyang bahay, at ipinaalam ang bagay kay Hananias, kay Misael, at kay Azarias, na kaniyang mga kasama: **18** na sila'y humingi ng kaawaan sa Dios sa langit tungkol sa lihim na ito; upang si Daniel at ang kaniyang mga kasama ay huag mamatay na kasama ng nalabi sa mga pantas na lalaki sa Babilonia.

19 Ng magkagayo'y nahayag ang lihim kay Daniel sa isang malikmata sa gabi. Ng magkagayo'y pinuri ni Daniel ang Dios sa langit. 20 Si Daniel ay sumagot, at nagsabing: Purihin ang pangalan ng Dios magpakailan man; sapagka't ang karunungan at kapangyarihan ay kaniya: 21 at kaniyang binabago ang mga panahon at mga kapanahunan: siya'y nagbabago ng mga hari, at naglalagay ng mga hari: siya'y nagbibigay ng karunungan sa marunong at ng pagkakilala sa makakaalam ng kaalaman: 22 siya'y naghahalam ng malalim at lihim na mga bagay: kaniyang nalalaman kung ano ang nasa kadiliman, at ang liwanag ay tumatahang kasama niya. 23 Pinasasalamatán kita at pinupuri kita, Oh ikaw na Dios ng aking mga magulang, na siyang nagbigay sa akin ng karunungan at kapangyarihan, at nagpakilala ngayon sa akin ng hiniling namin sa iyo; sapagka't iyong ipinaalam sa amin ang bagay ng hari. 24 Kaya't pinasok ni Daniel si Ariok na siyang inihalal ng hari upang lumipol ng mga pantas na lalaki sa Babilonia: siya'y naparoon, at nagsabi sa kaniya ng ganito: Huag mong lipulin ang mga pantas na lalaki sa Babilonia: dalhin mo ako sa harap ng hari at aking ipaaaninaw sa hari ang kahulugan.

25 Ng magkagayo'y dinalang madali ni Ariok si Daniel sa harap ng hari, at nagsabing ganito sa kaniya: Ako'y nakasumpung ng isang lalaki sa mga anak ng pagkabihaag sa Juda, na magpapaaninaw sa hari ng kahulugan. 26 Ang hari ay sumagot, at nagsabi kay Daniel, na ang pangalan ay Beltesazar: ¿Maipaaaninaw mo ba sa akin ang panaginip na aking nakita, at ang kahulugan noon? 27 Si Daniel ay sumagot sa harap ng hari, at nagsabing: Ang lihim na itinatnong ng hari ay hindi maipaaaninaw sa hari kahi't ng mga pantas na lalaki, ng mga encantador, ng mga magiko man, o ng mga manghuhula; 28 nguni't may isang Dios sa langit na naghahayag ng mga lihim, at siyang nagpaaninaw sa haring Nebukadnezar kung ano ang mangyayari sa mga huling araw. Ang iyong panaginip at ang mga malikmata ng iyong ulo sa iyong hihigan ay ang mga ito: 29 tungkol sa iyo, Oh hari, ang iyong mga pag-iisip ay dumating sa iyo sa iyong hihigan, kung ano ang mangyayari sa panahong darating: at siya na naghahayag ng mga lihim ay ipinaaninaw sa iyo kung ano ang

mangyayari. 30 Nguni't tungkol sa akin ang lihim na ito ay hindi nahayag sa akin ng dahil sa ano mang karunungan na tinamo kong higit kay sa sino mang may buhay, kungdi upang maipaaaninaw sa hari ang kahulugan at upang iyong malaman ang mga pag-iisip ng iyong puso. 31 Ikaw Oh hari, tumitingin, at, narito, ang isang malaking larawan. Ang larawang ito na makapangyarihan, at ang kakinangan ay mainam, tumayo sa harap mo; at ang hiehura noo'y kakilakilabot. 32 Tungkol sa larawang ito, ang kaniyang ulo ay dalisay na ginto, ang kaniyang dibdib at ang kaniyang mga kamay ay pilak, ang kaniyang tiyan at ang kaniyang mga kalamnan ay tanso, 33 ang kaniyang mga hita ay bakal, ang kaniyang mga pa'y isang bahagi ay bakal at isang bahagi ay putik na *niluto*. 34 Iyong tinitingnan hangang sa naputol aog isang bato na wala namang mga kamay, na sumugat sa larawan sa kaniyang mga paa na bakal at putik, at mga pinagpirapiraso. 35 Ng magkagayo'y ang bakal, ang putik, ang tanso, ang pilak, at ang ginto ay nagkapirapiraso na magkakasama, at naging parang dayami sa mga giikan sa tagaraw; at mga tinangay ng hangin na walang lugar na kasumpungan sa kanila: at ang bato na sumugat sa larawan ay naging malaking bundok at napuno ang boong lupa. 36 Ito ang panaginip; at aming sasaysayin ang kahulugan noon sa harap ng hari. 37 Ikaw, Oh hari, hari ng mga hari na pinagbigyan ng Dios sa langit ng kaharian, ng kapangyarihan, at ng kalakasan, at ng kalualhatian; 38 at alin mang tinatabanan ng mga anak ng mga tawo, ng mga hayop sa parang at ng mga ibon sa himpapawid ay nabigay sa iyong kamay, at pinapagpuno ka sa kaniyang lahat: ikaw ang ulo na ginto. 39 At pagkatapos mo ay magbabangon ang ibang kaharian na mababa sa iyo; at ang ibang ikatlong kaharian na tanso na magpupuno sa boong lupa. 40 At ang ikaapat na kaharian ay magiging matibay na parang bakal: sa paraang ang bakal ay nakapagpapirapiraso at nakapagpapasuko ng lahat na bagay: at kung paanong dinidikdik ng bakal ang lahat na ito, siya'y magkakapirapiraso at madidikdik. 41 At sa paraang iyong nakita na ang mga paa at mga daliri, ang isang bahagi ay putik na *niluto* ng magpapaliok at ang isang bahagi ay bakal, magiging

kahariang hati; nguni't magkakaroon sa kaniya ng kalakasan ng bakal, sa paraang iyong nakita na ang bakal ay nahahaluan ng putik na malagkit. **42** At kung paanong ang mga daliri ng paa ay ang isang bahagi ay bakal at ang isang bahagi ay putik, gayon magiging ang kaharia'y ang isang bahagi ay matibay at isang bahagi ay mahina. **43** At sa paraang iyong nakita na ang bakal ay nahahaluan ng putik na malagkit, sila'y magkakahalo ng binhi ng mga tawo; nguni't hindi sila magkakalakipan, gaya ng bakal na hindi lumalakip sa putik. **44** At sa mga kaarawan ng mga haring yaon ay maglalagay ang Dios sa langit ng isang kaharian, na hindi magigiba kailan man, o ang kapangyarihan man noo'y liwanag sa ibang bayan: kungdipag pipirapirasohin at lilipulin niya ang lahat na kahariang ito, at yaoy'yalagi magpakailan man. **45** Sa paraang iyong nakita na ang isang bato ay naputol sa bundok na wala namang mga kamay, at nagkapirapiraso ang bakal, ang tanso, ang putik, ang pilak at ang ginto; ipinaalam ng dakilang Dios sa hari kung ano ang mangyayari sa baharapin: at ang panaginip ay tunay at ang pagkapaaninaw noo'y tapat. **46** Ng magkagayo'y ang haring Nebukadnezar ay nagpatirapa, at sumamba kay Daniel, at nag-utos na sila'y maghahadog ng alay at ng may masarap na amoy sa kaniya. **47** Ang hari ay sumagot kay Daniel, at nagsabing: Sa katotohanan ang inyong Dios ay Dios ng mga dios, at Panginoon ng mga hari, at tagapaghayag ng mga lihim, sa paraang ikaw ay nakapaghayag ng lihim na ito. **48** Ng magkagayo'y ginawang malaki ng hari si Daniel, at binigyan siya ng maraming malaking mga kaloob, at pinapagpuno siya sa boong lalawigan ng Babilonia, at pinapaging pangulo ng mga tagapamahala sa lahat na pantas sa Babilonia. **49** At si Daniel ay humiling sa hari, at kaniyang inihalal, si Sadrak, si Mesak, at si Abed-nego, sa mga gagawin sa lalawigan ng Babilonia: nguni't si Daniel ay nasa pintuang-daan ng hari.

**3** Si Nebukadnezar na hari ay gumawa ng isang larawang ginto na ang taas ay anim na puong siko, at ang luag noo'y anim na siko: kaniyang inilagay sa kapatagan ng Dura, sa lalawigan ng Babilonia. **2** Ng magkagayo'y nagsugo si Nebukadnezar na hari na magpisan ang mga satrapa, ang mga gobernador at

ang mga tagapamahalang-lalawigan, ang mga hukom, ang mga taga-ingat-yaman ang mga tagapayo, ang mga agusil, at ang lahat na mga puno sa mga lalawigan upang pumaroon sa pagtatalaga ng larawan na inilagay ni Nebukadnezar na hari. **3** Ng magkagayo'y ang mga satrapa, ang mga gobernador at ang mga tagapamahalang-lalawigan, ang mga hukom, ang mga taga-ingat-yaman, ang mga tagapayo, ang mga agusil at lahat ng mga puno sa mga lalawigan, nagpispisan sa pagtatalaga ng larawan na inilagay ni Nebukadnezar na hari; at sila'y tumayo sa harap ng larawan na inilagay ni Nebukadnezar. **4** Ng magkagayo'y ang mananawag ay sumigaw ng malakas: Sa inyo'y iniinutos, Oh mga bayan, mga nasyon at mga wika, **5** na sa ano mang oras na inyong marinig ang tunog ng patunog, ng flauta, ng alpa, ng sambuko, ng salterio, ng gaita, at ng lahat na sarisaring musika kayo'y magpatirapa, at sumamba sa larawang ginto na inilagay ni Nebukadnezar na hari: **6** at sino man na hindi magpatirapa at sumamba sa oras na yaon ay ihahagis sa gitna ng mabangis na hurnong nagniningas. **7** Kayat sa oras na yaon, pagkarinig ng boong bayan ng tunog ng patunog, ng flauta, ng alpa, ng sambuko, ng salterio, at ng lahat na sarisaring musika, lahat na bayan, mga nasyon, at mga wika, nangagpatirapa at sumamba sa larawang ginto na inilagay ni Nebukadnezar na hari. **8** Dahil dito sa oras na yaon ay lumapit ang ibang mga Kaldeo at nagdala ng sumbong laban sa mga Judio. **9** Sila'y sumagot, at nagsabi kay Nebukadnezar na hari: Oh hari, mabuhay ka magpakailan man. **10** Ikaw Oh hari, gumawa ng pasiya, na bawat tawo na makarinig ng tunog ng patunog, ng flauta, ng alpa, ng sambuko, ng salterio, ng gaita, at ng lahat na sarisaring musika, magpatirapa, at sasamba sa larawang ginto: **11** at sino mang hindi magpatirapa at sumamba, ihahagis sa gitna ng mabangis na hurnong nagniningas. **12** May ilang mga Judio na iyong inihalal sa mga gagawin sa lalawigan ng Babilonia na si Sadrak, si Mesak, at si Abed-nego; ang mga lalaking ito, Oh hari, ay hindi ka pinakundanganan: sila'y hindi nagliligkod sa iyong mga dios, o sumasamba man sa larawang ginto na iyong inilagay. **13** Ng magkagayo'y pag-iinit at pagkagalit na mainam ni Nebukadnezar, nag-utos na dalhin si



Sadrak, si Mesak, at si Abed-nego. Kanila n'ang dinala ang mga lalaking ito sa harap ng hari. **14** Si Nebukadnezar ay sumagot, at nagsabi sa kanilang: *¿Pasiya nga бага, Oh Sadrak, Mesak, at Abed-nego, na kayo'y hindi maglilingkod sa aking dios, o sasamba man sa larawang ginto na aking inilagay?* **15** Kung kayo nga'y nagmadali sa panahong inyong marinig ang tunog ng patunog, ng flauta, ng alpa, ng sambuko, ng salterio, ng gaita, at ng lahat na sarisaring musika na nagpatirapa at sumamba sa larawan na aking ginawa, *mabuli: nguni't kung kayo'y hindi sumamba kayo'y ihahagis sa oras ding yaon sa gitna ng mabangis na hurnong nagniningas; at ¿sinong dios ang magliligtas sa inyo sa aking kamay?* **16** Si Sadrak, si Mesak, at si Abed-nego, sumagot, at nagsabi sa haring: *Oh Nebukadnezar, kami ay walang kailangan na sumagot sa iyo sa bagay na ito.* **17** Narito, ang aming Dios na aming pinaglilingkuran ay makapagliligtas sa amin sa mabangis na hurnong nagniningas, at ililigtas niya kami sa iyong kamay, Oh hari. **18** Nguni't kung hindi, talastasin mo, Oh hari, na hindi kami maglilingkod sa iyong mga dios, o sasamba man sa larawang ginto na iyong inilagay. **19** Ng magkagayo'y napuno ng pag-aalab ng loob si Nebukadnezar at ang hichura ng mukha ay nagbago laban kay Sadrak, kay Mesak, at kay Abed-nego: *kaya't siya'y nagsalita at nag-utos sa kanilang paninitin ang hurno na makapito na higit kay sa dating pag-iinit.* **20** At kaniyang inutusan ang ilang makapangyarihang lalaki na nasa kaniyang kawal upang gapusin si Sadrak, si Mesak, at si Abed-nego, at mga ihagis sa mabangis na hurnong nagniningas. **21** Ng magkagayo'y ang mga lalaking ito'y mga tinalian na may mga suot, mga tunika, at may mga balabal at may kanilang ibang mga kasuotan at mga nahagis sa gitna ng mabangis na hurnong nagniningas. **22** Sapagka nga't ang utos ng hari ay madalian at ang hurno ay totoong mainit, pinatay ng liab ng apoy ang mga lalaking yaon na nagsibuhat kay Sadrak, kay Mesak, at kay Abed-nego. **23** At ang tatlong lalaking ito, si Sadrak, si Mesak, at si Abed-nego, bumagsak na nagagapos sa gitna ng mabangis na hurnong nagniningas. **24** Ng magkagayo'y si Nebukadnezar na hari ay nag-

taka, at nagtindig na madali: siya'y nagsalita at nagsabi sa kaniyang mga tagapayo: *¿Di ba ang ating inihagis ay tatlong gapos na lalaki sa gitna ng apoy? Sila'y sumagot, at nagsabi sa haring: Katotohanan yaon Oh hari.* **25** Siya'y sumagot, at nagsabing: *Narito, aking nakikita ay apat na lalaki na hindi gapos na lumalakad sa gitna ng apoy, at sila'y walang sugat; at ang hichura ng ikaapat ay kawangis ng isang anak ng mga dios.* **26** Ng magkagayo'y lumapit si Nebukadnezar sa bunga'ng ng mabangis na hurnong nagniningas; siya'y nagsalita, at nagsabing: *Sadrak, Mesak at Abed-nego, kayong mga alipin ng Kataastaasang Dios, kayo'y lumabas at pumarito.* Ng magkagayo'y si Sadrak, si Mesak, at si Abed-nego, lumabas sa gitna ng apoy. **27** At ang mga satrapa, ang mga gobernador, at ang mga tagapamahalang-lalawigan, at ang mga tagapayo ng hari na nagkakapisan ay nakakita sa mga lalaking ito, na ang apoy ay walang kapangyarihan sa kanilang mga katawan, o ang mga buhok man ng kanilang mga ulo ay nasunog, o ang kanila mang mga suot ay nabago, o ang amoy man ng apoy ay lumagpas sa kanila. **28** Si Nebukadnezar ay nagsalita at nagsabing: *Purihin ang Dios ni Sadrak, ni Mesak, at ni Abed-nego, na nagsugo ng kaniyang angel, at nagliligtas sa kaniyang mga alipin na umaasa sa kaniya, at binago ang salita ng hari, at ibinigay ang kanilang mga katawan, upang sila'y huag makapaglilingkod o makasamba sa kanino mang dios, liban sa kanilang sariling Dios.* **29** *Kaya't nagpapasiya ako, na hawa't bayan, nasyon, at wika, na magsalita ng ano mang kapulaan laban sa Dios ni Sadrak, ni Mesak, at ni Abed-nego, kakatayin, at ang kanilang mga bahay ay magiging dumihan: sapagka't walang ibang dios na makapagliligtas ng ganitong paraan.* **30** Ng magkagayo'y pinaginhaw sa hari si Sadrak, si Mesak, at si Abed-nego, sa lalawigan ng Babilonia. **4** Si Nebukadnezar na hari, sa lahat na bayan, nasyon, at wika, na tumatahan sa boong lupa; kapayapa'y dumami sa inyo. **2** Inaakala kong mabuli na ipakilala ang mga tanda at mga kababalaghan na ginawa sa akin ng Kataastaasang Dios. **3** Pagkalalaki ng kaniyang mga tanda, at pagkamakapangyarihan ng kaniyang mga kababalaghan; ang kaniyang kaharian ay walang han-

gang kaharian, at ang kaniyang pagsakop ay sa lahi't lahi.

**4** Akong si Nebukadnezar ay nagpahinga sa aking bahay, at namumulaklak sa aking palacio. **5** Ako'y nakakita ng isang panaginip na tumakot sa akin; at ang pag-iisip sa aking hihigan at ang mga malikmata sa aking ulo ay bumagabag sa akin. **6** Kaya't nagpapasiya ako na magsiharap sa akin ang lahat na pantas sa Babilonia, upang kanilang maipaaninaw sa akin ang kahulugan ng panaginip. **7** Ng magkagayo'y nagsadating ang mga mago, ang mga enkantador, ang mga Kaldeo, at ang mga astrologo: at isinaysay ko ang panaginip sa harap nila; nguni't hindi nila naipaaninaw sa akin ang kahulugan noon. **8** Nguni't sa kahulihulihay' dumatang sa harap ko si Daniel, na ang pangalalay' Belteshazar ayon sa pangalan ng aking dios, at siyang kinaroroonan ng espiritu ng mga santong dios: at aking isinaysay ang panaginip sa harap niya, na *aking sinabing*: **9** Oh Belteshazar, na pangulo ng mga mago, sapagka't talastas ko na ang espiritu ng mga santong dios ay sumasayo, at walang lihim na bumabagabag sa iyo, isaysay mo sa akin ang mga malikmata ng aking panaginip na aking nakita, at ang kahulugan noon. **10** Ganito ang mga malikmata ng aking ulo sa aking hihigan: Ako'y tumitingin, at, narito, ang isang punong kahoy sa gitna ng lupa, at ang taas noo'y malaki. **11** Ang punong kahoy ay lumaki at tumibay, at ang taas noo'y umaabot hangang sa langit, at ang paningin noo'y hangang sa wakas ng boong lupa. **12** Ang mga dahon noo'y maganda, at ang bunga noo'y marami, at pagkain para sa lahat: ang mga hayop sa parang ay may lilim sa ilalim niya, at ang mga ibon sa himpapawid ay tumatahan sa mga sangang noon, at ang lahat na laman ay nabubusog doon. **13** Ako'y tumingin sa mga malikmata ng aking ulo sa aking hihigan, at, narito, isang bantay at isang santo ay bumaba mula sa langit. **14** Siya'y sumigaw ng malakas, at nagsabi ng ganito: Ibaal ang kahoy, at putulin ang mga sangang noon, lagasin ang mga dahon noon, at isambulat ang bunga noon: paalisin ang mga hayop sa ilalim niya, at ang mga ibon sa mga sangang niya. **15** Gayon may inyong iwan ang puno ng kaniyang mga ugat sa lupa, na magkatali ng bakal at tanso, sa murang damo sa parang; at mabasa siya ng hamog ng

langit, at ang kaniyang bahagi ay mapasa nga hayop sa damo sa lupa: **16** ang kaniyang puso ay mapalitan ng puso ng pagkatawo, at ang puso ng hayop ay mabigay sa kaniya; at mangyaring makapito sa kaniya. **17** Ang hatol ay sa pamamag-itan ng pasiya ng mga bantay, at ang sumbong ay sa pamamag-itan ng salita ng mga santo: upang makilala ng mga may bahay, na ang Kataastaasan ay nagpupuno sa kaharian ng mga tawo, at ibinibigay niya sa kanino mang kaniyang ibigin, at itinataas niya sa kaniya ang pinakamababa sa mga tawo. **18** Akong si Nebukadnezar na hari ay nakakita ng panaginip na ito: at ikaw, Oh Belteshazar, magsaysay ng kahulugan, sapagka't lahat na pantas sa aking kaharian ay hindi makapagpaaninaw sa akin ng kahulugan; nguni't maipaaninaw mo, sapagka't ang espiritu ng mga santong dios ay sumasayo.

**19** Ng magkagayo'y si Daniel na ang pangalalay' Belteshazar, natigilang sandali, at binagabag siya ng kaniyang mga pag-iisip. Ang hari ay sumagot, at nagsabing: Belteshazar luag kang bagabagin ng panaginip o ng kahulugan. Si Belteshazar ay sumagot, at nagsabing: Aking panginon ang panaginip ay sa mga napopoot sa iyo, at ang kahulugan noo'y sa iyong mga kaaway. **20** Ang punong kahoy na iyong nakita na tumutubo, at matibay, na ang taas ay umaabot sa langit, at ang paningin noo'y sa boong lupa; **21** na ang mga dahoy' maganda, at ang bunga noo'y marami, at pagkain sa lahat; na ang ilalim ay tinatahanan ng mga hayop sa parang, at ang kaniyang mga sangay' hinahapunan ng mga ibon sa himpapawid: **22** ay ikaw, Oh hari, na lumalaki at nagiging matibay: sapagka't ang iyong kalakhan ay lumaki, at umaabot hangang sa langit, at ang iyong pagsakop ay hangang sa wakas ng lupa. **23** At sa paraang nakita ng hari ang isang bantay at isang santo na bumababa mula sa langit, at nagsabing: Ibaal ninyo ang punong kahoy, at inyong gapiin; gayon may itira ninyo ang puno ng mga ugat niya sa lupa, na magkatali ng bakal at tanso, sa malambot na damo sa parang; at basain siya ng hamog ng langit, at ang kaniyang bahagi ay mapa sa mga hayop sa parang, hangang sa mangyari sa kaniya na makapito; **24** ito ang kahulugan, Oh hari, at siyang pasiya ng Kataastaasan na dumating sa

aking panginoon na hari: **25** Na ikaw ay mahihwalay sa mga tawo, at ang iyong tahanan ay magiging sa kasamahan ng mga hayop sa parang, at ikaw ay pakakanin ng damo na gaya ng mga baka, at mababasa ka ng hamog ng langit, at makapitong mangyayari sa iyo; hangang sa iyong makilala na ang Kataastaasan ay nagpupuno sa kaharian ng mga tawo, at naghibigay noon sa kanino mang ibigin niya. **26** At sa paraang kanilang inutos na iwan ang puno ng mga ugat ng kahoy; ang iyong kaharian ay lalaging tiwasay sa iyo, pagkatapos na iyong makilala na ang mga langit ay nagpupuno. **27** Kaya't Oh hari, kaluguran mo ang aking payo, at tubusin mo ang iyong mga kasalanan ng kabanalan, at ang iyong kasam-an ng pagpapakita ng kaawaan sa dukha; baka sakaling ikatibay ng iyong katiwasayan. **28** Lahat ng ito'y dumating sa haring Nebukadnezar. **29** Sa katapusan ng ikalabing dalawang buan ay siya'y lumalakad sa palacio ng hari sa Babilonia. **30** Ang hari ay nagsalita, at nagsabing: *¿ Hindi ba ito ang malaking Babilonia na aking itinayo upang lugar na tahanan ng hari, sa pamamagitan ng lakas ng aking kapangyarihan, at para sa kaluwalhatian ng aking kamahalan?* **31** Samantalang ang salita ay nasa bibig pa ng hari, nahulog ang isang voces na mula sa langit, na nagsabing: Oh haring Nebukadnezar, sa iyo'y sinalita: ang kaharian ay humihwalay sa iyo. **32** At ikaw ay mahihwalay sa mga tawo, at ang iyong tahanan ay magiging sa kasamahan ng mga hayop sa parang; ikaw ay pakakanin ng damo na gaya ng mga baka, at makapitong mangyayari sa iyo; hangang sa iyong makilala na ang Kataastaasan ay nagpupuno sa kaharian ng mga tawo, at ibinibigay sa kanino mang kaniyang ibigin. **33** Ng oras ding yaon ay natupad ang bagay kay Nebukadnezar: at siya'y nahihwalay sa mga tawo, at kumain ng damo na gaya ng mga baka, at ang kaniyang katawan ay nabasa ng hamog ng langit, hangang sa ang kaniyang buhok ay lumagong parang *balahibo ng* mga aguilas, at ang kaniyang mga kuko ay gaya ng mga kuko ng mga ibon. **34** At sakatapusan ng kaarawan, akong si Nebukadnezar ay nagtaas ng aking mga mata sa langit, at ang aking pagkakilala ay nabalik sa akin, at aking pinuri ang Kataastaasan, at aking dinalanginan at

nilualhati ko siya na nabubuhay magpakailan man; sapagka't ang kaniyang pagsakop ay walang hangang pagsakop, at ang kaniyang kaharian ay sa lahi't lahi: **35** at ang lahat na mananahan sa lupa ay nabibilang sa wala: at kaniyang ginagawa ang ayon sa kaniyang kalooban sa kawal ng langit, at sa mga mananahan sa lupa: at walang makahadlang sa kaniyang kamay o makapagsasabi sa kaniyang: *¿ Anong ginawa mo?* **36** Sa oras ding yaon ay nasauli sa akin ang aking kaalaman; at nagbalik sa akin ang kaluwalhatian ng aking kaharian, ang aking kamahalan at kakinangan; at hinanap ako ng aking mga tagapayo at mga maginoo; at ako'y nata-tag sa aking kaharian, at dakilang kalakhan ay nadagdag sa akin. **37** Ngayon akong si Nebukadnezar ay pumupuri, nagpapataas, at nagpaparangal sa Hari ng langit; sapagka't ang lahat niyang gawa ay katotohanan, at ang kaniyang mga daan ay hahatulan: at ang mga lumalakad sa kapalaluan ay kaniyang mapabababa.

**5** Si Belsazar na hari ay gumawa ng malaking piging sa isang libo sa kaniyang mga panginoon at uminom ng alak sa harap ng libo. **2** Si Belsazar, samantalang kaniyang nilalaspang ang alak, nag-utos na dalhin *doon* ang mga ginto at pilak na sisidlan na kinuha ni Nebukadnezar na kaniyang ama sa templo na nasa Jerusalem; upang mainuman ng hari, ng kaniyang mga maginoo, ng kaniyang mga asawa, at ng kaniyang mga babaye. **3** Ng magkagayo'y dinala nila ang mga gintong sisidlan na nakuha sa templo ng bahay ng Dios na nasa Jerusalem; at ininuman ng hari at ng kaniyang mga maginoo at ng kaniyang mga asawa at ng kaniyang mga babaye. **4** Sila'y uminom ng alak, at pumuri sa mga dios na ginto, at pilak, at tanso, at bakal, kahoy at bato. **5** Ng oras ding yaon ay lumabas ang mga daliri ng kamay ng isang tawo, at sumulat sa harap ng kandeleros sa may pinagapugan sa panig ng palacio ng hari: at nakita ng hari ang bahagi ng kamay na sumulat. **6** Ng magkagayo'y nagbago ang mukha ng hari, at binagabag siya ng kaniyang mga pag-iisip; at ang pagkakasugpong ng kaniyang mga balakang ay nakalag, at ang kaniyang mga tuhod ay nagkaumpugan isa't isa. **7** Ang hari ay sumigaw ng malakas, na paparoonin ang mga

enkantador, mga Kaldeo, at mga astrologo. Ang hari ay nagsalita, at nagsabi sa mga pantas sa Babilonia: **7** Sino mang makababasa ng sulat na ito at makapagpapaaaninaw sa akin ng kaniyang kahulugan, magdadamit ng morado, at magkakaroon ng kuintas na ginto sa palibot ng kaniyang leeg, at magiging ikatlong puno sa kaharian. **8** Ng magkagayo'y naparoon ang lahat na pantas ng hari: nguni't hindi nila nabasa ang sulat, o maipaaninaw man sa hari ang kahulugan. **9** Ng magkagayo'y nabagabag na mainam ang haring Belsazar, at ang kaniyang mukha ay nabago, at ang kaniyang mga maginoo ay natitigilan. **10** Ang reina, dahil sa mga salita ng hari at ng kaniyang mga maginoo ay pumasok sa bahay ng piging: ang reina ay nagsalita, at nagsabing: Oh hari, mabuhay ka magpakailan man; huag kang bagabagin ng iyong mga pag-iisip, o mabago man ang iyong mukha: **11** may isang lalaki sa iyong kaharian na kinaroroonan ng espiritu ng mga santong dios; at sa mga kaarawan ng iyong ama, liwanag at kakilalan at karunungan, na gaya ng karunungan ng mga dios, ay nasumpungan sa kaniya: at ang haring Nebukadnezar, na iyong ama, sa makatuid bago'y ang haring iyong ama, ay ginawa niya siyang panginoon ng mga mangagaway, ng mga enkantador, ng mga Kaldeo, at ng mga astrologo; **12** sa paraang ang isang dakilang espiritu, at pagkakilala at kakilalan, pagpapaaaninaw ng mga panaginip, at pagpapakilala ng mga malabong salita, at pagpapaliwanag ng pag-aalinglangan, ay nangasumpungan sa Daniel na yaon, na pinanganlan ng hari na Beltesazar. Tawagin nga si Daniel, at kaniyang ipaaaninaw ang kahulugan.

**13** Ng magkagayo'y dinala si Daniel sa harap ng hari. Ang hari ay nagsalita, at nagsabi kay Daniel: **14** Ikaw ba'y si Daniel na sa mga anak ng pagkabihas sa Juda, na kinuha ng hari na aking ama mula sa Juda? **14** Aking nabalitaan kita, na ang espiritu ng mga dios ay sumasa iyo, at ang liwanag at ang kaalaman at dakilang karunungan ay nasasumpungan sa iyo. **15** At ang mga pantas nga, ang mga enkantador, dinala sa harap ko, upang kanilang basabin ang sulat na ito, at ipaaninaw sa akin ang kahulugan: nguni't hindi nila maipaaninaw ang kahulugan ng bagay. **16** Nguni't nabalitaan

kita, na ikaw ay makapagbibigay ng mga kahulugan, at makapagpapaliwanag ng pag-aalinglangan: kung iyo ngang mabasa ang sulat, at maipaaninaw sa akin ang kahulugan, maanamin ka ng morado, at magkakaroon ng kuintas na ginto sa palibot ng iyong leeg, at ikaw ay magiging ikatlong puno sa kaharian. **17** Ng magkagayo'y sumagot, at nagsabi si Daniel sa harap ng hari: Ang iyong mga kaloob ay maging iyo, at ibigay mo ang iyong kagantihan sa iba; gayon ma'y aking babasahin ang sulat sa hari, at ipaaaninaw sa kaniya ang kahulugan. **18** Oh ikaw na hari, ang Kataastaasang Dios, nagbigay kay Nebukadnezar na iyong ama ng kaharian, at ng kalakhan, at ng kalualhatian, at ng kamahalan: **19** at dahil sa kalakhan na ibinigay niya sa kaniya, lahat ng bayan, nasyon, at wika ay naningin at natakot sa harap niya: ang kaniyang ibigin *patayin* ay kaniyang pinapatay, at ang ibiging *buhayin* ay kaniyang binubuhay; at ang ibiging *itaa* ay kaniyang itinataas; at ang ibiging *ibaba* ay kaniyang ibinababa. **20** Nguni't ng ang kaniyang puso ay magpakataas, at ang kaniyang espiritu ay magmatigas na siya'y gumawang may kapalalan, siya'y ibinaba sa kaniyang luklukang pagkahari, at kinuha nila ang kaniyang kalualhatian sa kaniya: **21** at siya'y nahiwalay sa mga anak ng mga tawo; at ang kaniyang puso ay naging gaya ng sa mga hayop, at ang kaniyang tahanan ay kasama ng mga mabangis na mga asno; siya'y pinakain ng damo na gaya ng mga baka, at ang kaniyang katawan ay nabasa ng hamog ng langit: hangang sa kaniyang nakilala na ang Kataastaasang Dios ay naghari sa kaharian ng mga tawo, at ihululok niya doon ang sino mang kaniyang ibigin. **22** At ikaw na kaniyang anak, Oh Belsazar, hindi mo pinapagpakumbaba ang iyong puso, bago man iyong nalalaman ang lahat na ito; **23** kungdi ikaw ay nagpakataas laban sa Panginoon ng langit; at kanilang dinala ang mga kasangkapan ng kaniyang bahay sa harap mo, at ikaw, at ang iyong mga maginoo, ang iyong mga asawa at ang iyong mga babaye, ay nagsinom ng alak sa mga yaou; at iyong pinuri ang mga dios na pilak, at ginto, tanso, bakal, kahoy at bato, na hindi nakakakita, o nakakarinig man, o nakakakilala man: at ang Dios na kinaroroonan ng iyong hininga, at kinaroroonan ng lahat na iyong lakad, hindi mo nilual-

hati: **24** ang bahagi nga ng kamay ay sinugo mula sa harap niya, at ang sulat na ito'y nasulat. **25** At ito ang sulat na nasulat: MENE, MENE, TEKEL, UPHARSIN. **26** Ito ang kahulugan ng bagay: MENE: Binilang ng Dios ang iyong kaharian, at niwakasan. **27** TEKEL: Ikaw ay timbang sa timbangan, at ikaw ay nasumpungang kulang. **28** PERES: Ang iyong kaharian ay nahati at nabigay sa mga Medo at mga Persia. **29** Ng magkagayo'y nag-utos si Belsazar at pinanamit nila si Daniel ng morado, at nilagyan ng kuintas na ginto sa palibot ng leeg niya, at nagtanyag tungkol sa kaniya, na siya'y ikatlong puno sa kaharian. **30** Ng gabling yaon ay napatay si Belsazar na hari ng mga Kaldeo. **31** At tinanggap ni Darius na Medo ang kaharian, na may anim na puo't dalawang taon ang gulang.

**6** Minagaling ni Darius na maglagay sa kaharian ng isang daan at dalawang puong satrapa, na doroon sa boong kaharian; **2** at sa kanila'y tatlong presidente, na si Daniel ay isa; upang ang mga satrapang ito ay magbigay alam sa kanila, at upang ang hari ay huag magkaroon ng kapananganiban. **3** Ng magkagayo'y ang Daniel na ito ay natanagi sa mga presidente at sa mga satrapa, sapagka't isang dakilang espiritu ay nasa kaniya; at inisip ng hari na ilagay siya sa boong kaharian. **4** Ng magkagayo'y ang mga presidente at ang mga satrapa ay humanap ng kadahilanan laban kay Daniel, tungkol sa kaharian; nguni't hindi sila nakasumpong ng ano mang kadahilanan, o kakulangan man; sa paraang siya'y tapat, walang ano mang kamalian o kakulangang nasumpungan sa kaniya. **5** Ng magkagayo'y sinabi ng mga lalaking ito: Hindi tayo makakasumpong ng ano mang kadahilanan laban sa Daniel na ito, liban sa tayo'y makasumpong laban sa kaniya ng tungkol sa kautusan ng kaniyang Dios: **6** Ng magkagayo'y ang mga presidente at mga satrapang ito ay nagpipisan sa hari, at nagsabi ng ganito sa kaniyang: Haring Darius, mabuhay ka magpakailan man. **7** Lahat ng mga presidente ng kaharian, ang mga maginoo at mga satrapa, ang mga taga-payo, at ang mga gobernador, nagsangunian upang magtatag ng isang palatuntunang hari sa kaharian, at upang gumawa ng isang pagbabawal, na sino mang humingi ng isang kahilingan sa kanino mang dios o tawo sa tatlong puong araw, liban sa iyo, Oh hari, ihahagis sa yungib

ng mga leon. **8** Ngayon, Oh hari, patibayin mo ang pagbabawal, at pirmahan mo ang kasulatan upang husg mabago ayon sa kautusan ng mga Medo at ng mga Persia, na hindi binabago. **9** Kaya't pirmahan ang kasulatan at ang pagbabawal ng haring Darius. **10** At ng malaman ni Daniel na ang kasulatan ay napirmahan, siya'y nasok sa kaniyang bahay; (ang kaniya ngang mga dungawan ay bukas sa dakong Jerusalem;) at siya'y lumuhod ng kaniyang mga tuhod na makaitlo isang araw, at dumalingin, at napasalamat sa harap ng kaniyang Dios, gaya ng kaniyang ginagawa ng una. **11** Ng magkagayo'y nagpipisan ang mga lalaking ito, at nasumpungan si Daniel na dumadalangin at namamanhik sa harap ng kaniyang Dios. **12** Ng magkagayo'y siya'y lumapit, at nagsalita sa harap ng hari ng tungkol sa pagbabawal ng hari: Hindi ka ba nagtakda ng pagbabawal, na sino mang tawo na humingi sa kanino mang dios o tawo sa loob ng tatlong puong araw, liban sa iyo, Oh hari, ihahagis sa yungib ng mga leon? Ang hari ay sumagot, at nagsabing: Ang bagay ay tunay, ayon sa kautusan ng mga Medo at mga Persia na hindi nababago. **13** Ng magkagayo'y sumagot sila, at nagsabi sa harap ng haring: Ang Daniel na yaon na sa mga anak ng pagkabilag sa Juda, hindi ka pinakukundanganan, Oh hari, o ang pagbabawal man na iyong itinakda, kungdi gumagawa ng kaniyang kahilingan na makaitlo isang araw. **14** Ng marinig nga ng hari ang mga salitang ito namaulaw na mainam, at inilagak ang kaniyang puso kay Daniel, upang iligtas siya: at kaniyang pinagsikapan hangang sa paglubog ng araw na iligtas siya. **15** Ng magkagayo'y nagpipisan ang mga lalaking ito sa hari, at nagsabi sa haring: Talastasin mo, Oh hari, na isang kautusan ng mga Medo, at ng mga Persia, na walang pagbabawal o palatuntunan man na pinagtitibay ng hari na mababago. **16** Ng magkagayo'y nag-utos ang hari, at kanilang dinala si Daniel, at inihagis siya sa yungib ng mga leon. Ang hari ay nagsalita, at nagsabi kay Daniel: Ang iyong Dios na pinaglingkurang mong palagi, ililigtas ka niya. **17** At isang bato ay dinala at inilagay sa buhanga ng yungib; at tinatakan ng hari ng kaniyang panatak, at ng panatak ng kaniyang mga maginoo; upang walang ano mang bagay na mababago tungkol kay Daniel. **18** Ng magkagayo'y napaaroon ang hari

sa kaniyang palacio, at nagdaan ng boong gabi na nag-aayon: at wala kabi't instrumento ng musika na dinala sa harap niya: at ang kaniyang pagkakatulog ay tumakas sa kaniya. **19** Ng magkagayo'y nagbangong maagang maaga ang hari at nagmadaling naparoon sa yungib ng mga leon. **20** At ng siya'y lumapit sa yungib kay Daniel, siya'y sumigaw ng taghoy na voces: ang hari ay nagsalita, at nagsabi kay Daniel: Oh Daniel na alipin ng buhay na Dios, ang iyo bang Dios na iyong pinagilingkurang palagi ay makapagligtas sa iyo sa mga leon? **21** Sinabi nga ni Daniel sa haring: Oh hari, mabuhay ka magpakailan man. **22** Ang Dios ko'y nagsugo ng kaniyang angel, at itinikom ang mga bibig ng mga leon, at hindi nila ako sinaktan: sa harap niya ay nasumpungan akong walang sala; at gayon din sa harap mo, Oh hari, wala akong ginawang kasam-an. **23** Ng magkagayo'y natuang mainam ang hari, at ipinag-utos na kanilang isampa si Daniel mula sa yungib. Sa gayo'y nasampa si Daniel mula sa yungib, at walang ano mang sugat na nasumpungan sa kaniya, sapagka't siya'y umasa sa kaniyang Dios. **24** At ang hari ay nag-utos, at kanilang dinala ang mga lalaking yaon na nagsumbong tungkol kay Daniel, at mga inihagis nila sila sa yungib ng mga leon, sila, ang kanilang mga anak, at ang kanilang mga asawa; at ang leon ay nagpakapaninoo sa kanila, at pinagpirapiraso ang lahat ng kanilang buto, o sila'y dumating man sa kalooblooban ng yungib.

**25** Ng magkagayo'y sumulat ang haring Darius sa lahat ng bayan, nasyon, at wika na tumatahan sa boong lupa: Kapayapa'y dumami sa inyo. **26** Ako'y nagpapasiya, na sa lahat ng sakop ng aking kaharian ay manginig at matakot ang mga tawo sa harap ng Dios ni Daniel: sapagka't siya ang buhay na Dios, at namamalagi magpakailan man, at ang kaniyang kaharian ay hindi magigiba, at ang kaniyang pagsakop ay magiging hangang sa wakas: **27** siya'y nagligtas at nagpapaging laya, at siya'y gumagawa ng mga tanda at mga kababalaghan sa langit at sa lupa; na siyang nagligtas kay Daniel sa kapangyarihan ng mga leon. **28** Gayon guminhawa ang Daniel na ito sa paghahari ni Darius, at sa paghahari ni Cyrus na Persia.

**7** Ng unang taon ni Belsazar na hari sa Babilonia, ay nagkaroon si Daniel ng

isang panaginip at malikmata ng kaniyang ulo sa kaniyang higitan: kaniya ngang isinulat ang panaginip, at isinaysay ang kabuacan ng mga bagay. **2** Si Daniel ay nagsalita, at nagsabing: Aking nakita sa aking malikmata ng kinagalihan, at, narito, ang apat na hangin ng langit ay humihitip sa malaking dagat. **3** At apat na malaking hayop na magkakaiba ay umahon mula sa dagat. **4** Ang una'y gaya ng leon at may mga pakpak ng aguila: aking minasdan hangang sa ang mga pakpak noo'y nahugot, at nataas mula sa lupa, at tumayo ng dalawang paa na parang isang tawo, at puso ng tawo ang nabigay sa kaniya. **5** At, narito, ang ibang hayop, na ikalawa na gaya ng isang oso, at natindig sa isang tagiliran, at tatlong tadyang ang nasa kaniyang bibig sa pag-itan ng kaniyang mga ngipin: at sinabi nila ang ganito sa kaniya: Ikaw ay bumangon, lumamon ka ng maraming laman. **6** Pagkatapos nito'y tumungin ako, at, narito, ang iba, gaya ng isang leopardo, na mairoon sa likod noon na apat na pakpak ng ibon; ang hayop ay mairoon din namang apat na ulo; at pag-sakop ay nabigay sa kaniya. **7** Pagkatapos nito'y nakita ko sa malikmata sa gabi, at, narito, ang ikaapat na hayop, kakilakilabot at makapangyarihan, at totoong malakas; at may malaking ngiping bakal: lumalamon at nagpipirapiraso, at niyyurakan ng kaniyang mga paa ang labis: at kaiba sa lahat na mga hayop na una sa kaniya; at siya'y may sampuonng sungay. **8** Aking binulay ang mga sungay, at, narito, sumibol sa gitna ng mga yaon ang ibang sungay, isang munti, na sa harap noo'y tatlo sa mga unang sungay ay nabunot sa mga ugat: at, narito, sa sungay na ito ay may mga mata na gaya ng mga mata ng tawo, at isang bibig na nagsasalita ng mga dakilang bagay. **9** Aking minasdan hangang sa ang mga luklukan ay nalagay, at isa na matanda sa mga araw ay umupo: ang kaniyang suot, maputing parang nieve, at ang buhok ng kaniyang ulo ay gaya ng taganan na lana; ang kaniyang luklukan ay liab na apoy at ang mga gulong noon ay nagniningas na apoy. **10** Isang agos na apoy ay nangagaling at lumalabas mula sa harap niya: mga libo libo ang namamahala sa kaniya, at makasampung na sampuonng libo ang tumayo sa harap niya: ang kalatulan ay

nalagda, at ang mga libro ay nabuksan. **11** Ako'y tumingin ng oras na yaon dahil sa tinig ng mga dakilang salita na sinalita ng sungay; ako'y tumingin hangang sa ang hayop ay napatay, at ang kaniyang katawan ay nagiba, at siya'y nabigay upang sunugin sa apoy. **12** At tungkol sa nalabi sa mga hayop, ang kanilang pagsakop ay naalis: gayon ma'y ang kanilang mga buhay ay humaba sa isang panahong takda. **13** Aking nakita sa malikmata sa gabi, at, narito, lumabas na kasama ng mga alapaap sa langit ang isang gaya ng anak ng tawo, at siya'y naparoon hangang sa matanda sa mga araw, at inilapit nila siya sa harap niya. **14** At binigyan siya ng pagsakop at kalualhatian, at isang kaharian, upang lahat ng bayan, nasyon, at mga wika ay maglingkod sa kaniya: ang kaniyang pagsakop ay walang hangang pagsakop, na hindi lilipas, at ang kaniyang kaharian ay hindi magigiba.

**15** Tungkol sa aking si Daniel, ang aking espiritu ay namanlaw sa gitna ng aking katawan, at ang malikmata ng aking ulo ay bumagabag sa akin. **16** Ako'y lumapit sa isa sa kanila na nakatayo, at itinanong ko sa kaniya ang katotohanan tungkol sa lahat ng ito. Sa gayo'y kaniyang isinaysay sa akin at ipinaaninaw niya sa akin ang kahulugan ng mga bagay. **17** Ang mga malaking hayop na ito na apat, ay apat na hari na magtutindig sa lupa. **18** Ngunit ang mga santo ng Kataastaasan ay tatanggap ng kaharian, at aariin ang kaharian magpakailan man, walang hangan. **19** Ng magkagayo'y ninasa kong makilala ang katotohanan tungkol sa ikaapat na hayop, na kaiba sa lahat ng mga yaon, na totoong kakilakilabot, na ang mga ngipin ay bakal, at ang mga kuko ay tanso; na lumalamon, nagpipirapiraso, at niyuyurakau ng kaniyang mga paa ang labis; **20** at tungkol sa sampuonng sungay na nasa kaniyang ulo, at sa isa na sumibol, at sa harap noo'y nabual ang tatlo; yaong sungay na may mga mata, at bibig na nagsalita ng dakilang mga bagay, na ang mukha ay lalong malaki kay sa kaniyang mga kasama. **21** Ako'y tumingin, at ang sungay ding yaon ay nakipagbaka sa mga santo, at nanaig laban sa kanila; **22** hangang sa ang matanda sa mga araw ay dumating, at ang kahalulan ay naibigay sa mga santo ng Kataastaasan; at ang panaho'y

dumating na ariin ng mga santo ang kaharian. **23** Ganito ang sabi niya: Ang ikaapat na hayop ay magiging ikaapat na kaharian sa ibabaw ng lupa, na magiging kaiba sa lahat na kaharian, at lalamunin ang boong lupa, at yuyurakan, at pagpipirapirasohin. **24** At tungkol sa sampuonng sungay, mula sa kahariang ito ay sampuonng hari ang babangon: at ang isa'y babangong kasunod nila; at siya'y magiging kaiba kay sa mga una, at kaniyang ibabagsak ay tatlong hari. **25** At siya'y magsasalita ng mga salita laban sa Kataastaasan, at lilipulin niya ang mga santo ng Kataastaasan: at kaniyang iisiping baguhin ang panahon at ang kautusan; at sila'y mabibigay sa kaniyang kamay hangang sa isang panahon, at mga panahon at kalahating panahon. **26** Ngunit ang kahalulan ay malalagay, at kanilang aalisin ang kaniyang pagsakop, upang patayin at ibual hangang sa wakas. **27** At ang kaharian, at ang pagsakop, at ang kalakhan ng mga kaharian sa ilalim ng boong langit, mabibigay sa bayan ng mga santo ng Kataastaasan: ang kaniyang kaharian ay walang hangang kaharian, at ang lahat na pagsakop ay maglingkod at susunod sa kaniya. **28** Hangang dito ang wakas ng bagay. Tungkol sa aking si Daniel, ay binabagabag akong mabuti, ng aking mga pag-iisip at ang aking mukha ay nabago sa akin: ngunit iningatan ko ang bagay sa aking puso.

**8** Ng ikatlong taon ng paghahari ng haring Belsazar ay napakita sa akin ang isang malikmata, sa aking si Daniel, pagkatapos noong napakita sa akin ng una. **2** At aking nakita sa malikmata; nangyari nga, na ng aking makita, nasa Susan na palacio ako, na nasa lalawigan ng Elam; at aking nakita sa malikmata, at ako'y nasa tabi ng ilog Ulai. **3** Ng magkagayo'y itiningin ko ang aking mga mata, at ako'y nakakita, at, narito, tumayo sa harap ng ilog ang isang lalaking tupa na may dalawang sungay: at ang dalawang sungay ay mataas; ngunit ang isa'y lalong mataas kay sa isa, at ang lalong mataas ay tumaas na huli. **4** Aking nakita ang lalaking tupa na surausuag sa dakong kalunuran, at sa dakong lalagaan, at sa dakong timugan; at walang hayop na makatayo sa harap niya, at wala sino man na makapagligtas sa kaniyang kamay; kungdi kaniyang ginagawa ang ayon sa kaniyang ibig,

at nagmalaking mainam. **5** At habang aking binubulay, narito, isang kambing na lalaki ay nagmula sa kalunuran sa balat ng boong lupa, at hindi sumasayad sa lupa: at ang lalaking kambing ay may marangal na sungay sa pag-itan ng kaniyang mga mata. **6** At siya'y naparoon sa lalaking tupa na may dalawang sungay na aking nakitang nakatayo sa harap ng ilog, at tinakbo siya sa kabangisan ng kaniyang kapangyarihan. **7** At aking nakitang siya'y lumapit sa lalaking tupa, at siya'y nakilos ng pagkagalit laban sa kaniya, at sinugatan ang tupa, at binali ang kaniyang dalawang sungay; at walang kapangyarihan sa lalaking tupa na tumayo sa harap niya: kungdi kaniyang ibinual sa lupa, at kaniyang niyapakan siya; at walang makapagligtas sa lalaking tupa sa kaniyang kamay. **8** At ang lalaking kambing ay nagmalaking mainam: at ng siya'y lumakas, ang malaking sungay ay nabali; at sa lugar noo'y sumibol ang apat na marangal na sungay, sa dako ng apat na hangin ng langit. **9** At mula sa isa sa mga yaon ay lumabas ang isang maliit na sungay na totoong lumaking mainam, sa dakong timugan, at sa dakong silaanan, at sa dakong malual-hating lupain. **10** At lumaking mainam, hangang sa hukbo ng langit; at ang ilan sa hukbo at sa mga bituin ay inihagis sa lupa, at mga niyapakan. **11** Oo, nagmalaki, hangang sa pangulo ng hukbo; at inalis niya sa kaniya ang palaging *handog na susunugin*, at ang lugar ng kaniyang santuario ay ibinagsak. **12** At ang hukbo ay nabigay sa kaniya na kasama ng palagi na *handog na susunugin* dahil sa pagsalangsang; at kaniyang inihagis ang kototohanan sa lupa, at gumawa ng *kaniyang kasayahan* at guminhawa. **13** Ng magkagayo'y narinig ko ang isang santo na nagsasalita; at ibang santo ay nagsabi sa isang yaon na nagsalita: *Hangang kailan magtatagal ang malikmata tungkol sa palaging handog na susunugin*, at ang pagsalangsang na sumisira, na nagbibigay ng santuario at ng hukbo upang mayapakan ng paa? **14** At sinabi niya sa aking: Hangang sa dalawang libo at tatlong daan na hapon at umaga; kung magkagayo'y malilinis ang santuario.

**15** At nangyari, ng ako, akong si Daniel, ay makakita ng malikmata, na aking pinagsikapang malaman; at, narito, tumayo sa harap ko ang isang kawangis

ng isang tawo. **16** At ako'y nakarinig ng vices ng isang tawo sa pag-itan ng mga pangpang ng Ulai, na tumatawag, at nagsasabing: Gabriel, ipaaninaw mo sa lalaking ito ang malikmata. **17** Sa gayo'y lumapit siya sa kinatatayuan ko; at ng siya'y lumapit, ako'y natakot at napasubasob: ngunit sinabi niya sa aking: Talastasin mo, Oh anak ng tawo; sapagka't ang malikmata ay ukol sa panahon ng kawakasan. **18** Samantalang siya nga'y nagsasali sa akin, ako'y nabilig sa isang mahimbing na pagkakatulog na padaya: ngunit hinipo niya ako, at itinayo ako. **19** At kaniyang sinaling: Narito, aking ipaaninaw sa iyo kung ano ang mangyayari sa huling panahon ng pagkagalit: sapagka't ukol sa takdang panahon ng kawakasan. **20** Ang lalaking tupa na iyong nakita na may dalawang sungay, sila ang mga hari sa Media at Persia. **21** At ang may magaspang na *balahibo* na lalaking kambing ay siyang hari sa Grecia: at ang malaking sungay na nasa pag-itan ng kaniyang mga mata ay siyang unang hari. **22** At tungkol sa nabali, sa lugar na tinayuan ng apat, ay apat na kaharian ang tatayo mula sa nasyon, ngunit hindi sa pamamag-itan ng kaniyang kapangyarihan. **23** At sa huling panahon ng kanilang kaharian, pagka ang mga mananalangang ay dumating sa kapumuan, isang hari ay magbabangon na may mabagsik na mukha at maalam ng mga malabong salita. **24** At ang kaniyang kapangyarihan ay nagiging makapangyarihan, ngunit hindi sa pamamag-itan ng kaniyang sariling kapangyarihan; at siya'y lilipol na kamanghamangha, at giginhawa, at gagawa ng *kaniyang kasayahan*: at kaniyang gigibain ang mga makapangyarihan at ang santong buyan. **25** At sa kaniyang katusuhan ay kaniyang pagiginhawalin ang pagdaraya sa kaniyang kamay; at siya'y magmamalaki sa kaniyang puso, at sa kanilang katiwasayan ay gigiba ng marami: siya'y tatayo rin laban sa puno ng mga puno; ngunit siya'y mababali na wala namang kamay. **26** At ang malikmata sa mga hapon at mga umaga na nasaysay ay tumay: ngunit ilihim mo ang malikmata; sapagka't ukol sa malaong araw. **27** At akong si Daniel ay nanlupaypay, at nagkasakit na ilang araw; ako nga'y uakabangon at ginawa ko ang mga gagawin ng hari: at ako'y natigilan sa malikmata, ngunit walang magpaaninaw.



**9** Ng unang taon ni Daribus na anak ni Ahasuerus, sa binhi ng mga Medo, na ginawang hari sa kaharian ng mga Kaldeo; **2** ng unang taon ng kaniyang paglahari akong si Daniel ay nakaalam sa pamamag-itan ng mga libro ng bilang ng mga taon, na sinalita ng PANGINOON kay Jeremias na profeta, dahil sa pagkatupad ng kagibaan ng Jerusalem, pitong puong taon. **3** At aking itininingin ang aking mukha sa Panginoong Dios, upang hanapin sa pamamag-itan ng panalangin at ng mga pamanhik, ng pag-aayuno, at pananamit ng magaspang, at ng mga abo. **4** At ako'y dumalangin sa PANGINOONG aking Dios, at ako'y nagsaysay ng kasalanan, at nagsabing: Oh Panginoon, Dios na dakila at marapat katakutan, na iniingatan mo ang tipan at kaawaan sa mga umiilbig sa iyo at tumutupad ng iyong mga utos; **5** kami ay nagkasala, at gumawa ng pagtalikod, at gumawa ng kasam-an, at nanghimagsik, na tumalikod sa iyong mga utos at sa iyong mga kahatulan: **6** at hindi man kami nakinig sa iyong mga alipin na mga profeta, na nagsalita sa iyong pangalan sa aming mga hari, sa aming mga pangulo, at sa aming mga magulang, at sa boong bayan ng lupain. **7** Oh Panginoon, kabanala'y ukol sa iyo, ngunit sa amin ay pagkabago ng mukha gaya sa araw na ito; sa mga lalaki sa Juda at sa mga mananahan sa Jerusalem, at sa boong Israel, na malapit, at malayo sa boong lupain na iyong mga pinalayas dahil sa kanilang pagsalangsang na kani-laug isinalangsang laban sa iyo. **8** Oh Panginoon, sa amin nauukol ang pagkabago ng mukha, sa aming mga hari, sa aming mga pangulo, at sa aming mga magulang, sapagka't kami ay nagkasala laban sa iyo. **9** Sa Panginoong aming Dios ukol ang pagkaawa at pagpapatawad; sapagka't kami ay nanghimagsik laban sa kaniya; **10** at hindi manamin sinunod ang voces ng PANGINOONG aming Dios, upang lumakad sa kaniyang mga kautusan, na kaniyang inilagay sa harap namin sa pamamag-itan ng kaniyang mga aliping profeta. **11** Oo, boong Israel ay sumalangsang ng iyong kautusan, sa pagtalikod, upang huag nilang sundin ang iyong voces: kaya't ang sumpa ay nabuhos sa amin, at ang sumpa na nakasulat sa kautusan ni Moises na alipin ng Dios; sapagka't kami ay nagkasala laban sa kaniya. **12** At kaniyang pinatibay ang kaniyang mga salita, na

kaniyang sinalita laban sa amin, at laban sa aming mga hukom na humatol sa amin, sa pagdadala sa amin ng malaking kasam-an: sapagka't sa ilalim ng boong langit ay hindi nagawa ang gaya ng nagawa sa Jerusalem. **13** Kung ano ang nasusulat sa kautusan ni Moises, lahat ng kasam-ang ito'y dumating sa amin: gayon ma'y hindi namin hiniingi ang biyaya ng PANGINOONG aming Dios, upang aming talikuran ang aming mga kasam-an, at bulayin ang iyong katotohanan. **14** Kaya't nagmadali ang PANGINOON sa kasam-an, at dinala sa amin; sapagka't ang PANGINOONG aming Dios ay banal sa lahat ng kaniyang gawa na kaniyang ginagawa, at hindi namin dininig ang kaniyang voces. **15** At ngayon, Oh Panginoong aming Dios, na nagsampa ng iyong bayan mula sa lupain ng Egipto sa pamamag-itan ng makapangyarihang kamay, at ikaw ay nabantog gaya sa araw na ito; kami ay nagkasala, kami ay gumawa ng kasam-an. **16** Oh Panginoon, ayon sa iyong boong kabanalan, isinasamo ko sa iyo, na ang iyong alit at pag-aalab ng loob ay mahiwalay sa iyong ciudad na Jerusalem, na iyong santong bundok: sa pagka't dahil sa aming mga kasalanan, at dahil sa mga kasam-an ng aming mga magulang, ang Jerusalem at ang iyong bayan ay naging kapulaan sa lahat na nasa palibot namin. **17** Ngayon nga, Oh aming Dios, iyong dingin ang panalangin ng iyong alipin, at ang kaniyang mga pamanhik, at paningningin mo ang iyong mukha sa iyong santuario na giba, dahil sa Panginoon. **18** Oh Dios ko, ikiling mo ang iyong tainga, at iyong dingin; idilat mo ang iyong mga mata; at masdan mo ang aming kagibaan, at ang ciudad na tinatawag sa iyong pangalan: sapagka't hindi namin iniharap ang aming mga pamanhik sa harap mo dahil sa aming kabanalan, kungdi dahil sa iyong malaking mga kaawaan. **19** Oh Panginoon, dingin mo; Oh Panginoon patawarin mo; Oh Panginoon iyong pakingan at gawin; huag mong palibanin; dahil sa iyong sarili, Oh Dios ko, sapagka't ang iyong ciudad at ang iyong bayan ay tinatawag sa pamamag-itan ng iyong pangalan.

**20** At samantalang ako'y nagsasalita, at nanalangin, at nagsasaysay ng aking kasalanan at ng kasalanan ng aking bayang Israel, at naghaharap ng aking pamanhik sa harap ng PANGINOONG

aking Dios dahil sa santong bundok ng aking Dios; **21** oo, samantalang ako'y nagsasalita sa panalangin, ang lalaking si Gabriel, na aking nakita sa malikmata ng una, na pinalipad ng maliksi, hinipo ako sa panahon ng pag-aalay sa kinahapunan. **22** At kaniya akong tinuruan, at nakipagsalitan sa akin, at nagsabing: Oh Daniel, Ako'y lumabas ngayon upang gawin kitang bibasa sa pagkilala. **23** Sa pasimula ng iyong mga pamanhik ang utos ay lumabas, at ako'y naparito upang saysayin sa iyo; sapagka't ikaw ay totoong minahal: kaya't bulayin mo ang bagay, at alamin mo ang malikmata. **24** Pitong puong sanlingo ang ipinasiya sa iyong bayan at sa iyong santong ciudad, upang tapusin ang pagsalangsang, at upang wakasan ang pagkakasala, at upang papagsisihin sa kasama-an, at upang dalhan ng walang hangang kabuulan, at upang tatakan ang malikmata at ang panghuhula, at upang pahiran ang pinakasanto. **25** Iyo ngang talastasin at bulayin, na mula sa paglabas ng utos upang isauli at itayo ang Jerusalem sa pinahiran, na pangulo, magiging pitong sanlingo; at sa anim na puo't dalawang sanlingo, matatayo uli, na may langsa-ngan, at kuta, sa mga panahong kabagabagan. **26** At pagkatapos ng anim na puo't dalawang sanlingo, mahihwalay ang pinahiran, at hindi mahahalinhin: at ang bayan ng pangulo na darating ay gigibain ang ciudad at ang santuario; at ang kaniyang wakas ay magkakabala ng tubig at hangang sa wakas ay magkaroon ng pagbabaka; mga kagibaan ay ipinasiya. **27** At pagtitibayin niya ang tipan sa marami sa isang sanlingo; at sa kalabati ng sanlingo ay kaniyang ipatitigil ang hayin at ang alay; at sa pakpak ng mga kasuklamsuklam ay pavoroon ang isang mangigiba, at hangang sa wakas, at pagkapiya ay mabubuhos ang pag-imit sa usira.

**10** Ng ikatlong taon ni Cyrus na hari sa Persia ay nahayag ang isang bagay kay Daniel, na ang pangala'y Beltshazar; at ang bagay ay tunay, isang malaking pagbabaka: at kaniyang nalaman ang bagay, at nagkaroon ng kaalaman sa malikmata. **2** Ng mga araw na yao'y akong si Daniel ay nanaghoy na tatlong boong sanlingo. **3** Hindi ako kumain ng masarap na tinapay, o pumasok man ang karne o alak man sa aking bibig, o naglangis man ako, hangang sa natapos ang tatlong boong

sanlingo. **4** At ng ikadalawang puo't apat na araw ng unang buan, sa paraang ako'y nasa tabi ng malaking itog, na siyang Hiddekel, **5** aking itinigin ang aking mga mata, at tumawaw, at narito, ang isang lalaki na nakapanamit ng kayong puti, na ang mga balakang ay nabibigkisan ng taganas na ginto sa Ufas: **6** ang kaniyang kutawan naman ay gaya ng berilo, at ang kaniyang mukha ay gaya ng hichura ng kidlat, at ang kaniyang mga mata ay parang mga liwanag ng apoy, at ang kaniyang mga kamay at kaniyang mga paa, ay gaya ng kulay ng pinakintab na tanso, at ang voces ng kaniyang mga salita ay gaya ng voces ng isang karamihan. **7** At akong si Daniel ang nakakitang mag-isa ng malikmata ng yaon: sapagka't ang mga lalaki na kasama ko ay hindi nakakita ng malikmata; kungdi isang malaking pangangilabot ay nahulog sa kanila, at sila'y tumakas upang magsikubli. **8** Sa gayo'y naiwan akong mag-isa, at nakakita nitong malaking malikmata, at walang nalabing kalakasan sa akin: sapagka't ang aking lakas ay naging kalapuan at ako'y nawalan ng lakas. **9** Gayon ma'y narinig ko ang voces ng kaniyang mga salita: at ng aking marinig ang voces ng kaniyang mga salita, ako nga'y nahapay sa isang mahinbing na pagkakatulog sa aking mukha na ang aking mukha ay pasubsob. **10** At, narito, isang kamay ay humipo sa akin, na nagtayo sa akin sa aking mga tuhod at sa mga palad ng aking mga kamay. **11** At sinabi niya sa aking: Oh Daniel, ikaw na lalaking minamahal na mainam, talastasin mo ang mga salita na aking sinasalita sa iyo, at tumayo kang matuid; sapagka't sa iyo'y sinugo ako ngayon: at ng kaniyang masalita ang salitang ito sa akin, ako'y tumayo na nanginigimig. **12** Ng magkagayo'y sinabi niya sa aking: Huag kang matakot, Daniel: sapagka't mula ng unang araw na iyong ilagak ay iyong puso na makaalam, at magpakababa sa harap ng iyong Dios, ang iyong mga salita ay dininig: at ako'y naparito dahil sa iyong mga salita. **13** Ngunit ang pangulo ng kaharian ng Persia ay tumayong laban sa aking dalawang puo't isang araw; ngunit, narito, si Mikael ay isa sa mga punong pangulo, dumating upang tulungan ako: at ako'y naiwan doon na kasama ng mga hari sa Persia. **14** Ngayo'y naparito ako upang ipatalastas sa iyo kung ano ang mangyayari sa iyong

bayan sa mga huling araw: sapagka't ang malikmata ay para sa malaong mga araw pa.

**15** At ng kaniyang masalita sa akin ang ayon sa mga salitang ito, aking itinungo ang aking mukha sa lupa, at ako'y napipi.

**16** At, narito, isang gaya ng kahawig ng mga anak ng mga tawo ay humipo ng aking mga labi: ng magkagayo'y ibinuka ko ang aking bibig, at ako'y nagsalita, at nagsabi sa kaniya na tumayo sa harap ko: Oh panginoon ko, dahil sa malikmata ay nagbalik sa akin ang aking mga kapanlawan, at ako'y nawawalan ng lakas.

**17** Sapagka't paanong makikipag-usap ang alipin nitong aking panginoon sa panginoon kong ito? sapagka't tungkol sa akin, biglang nawalan ako ng lakas, o may naiwan mang hinga sa akin.

**18** Ng magkagayo'y hinipo uli ako doon ng isa na kamukha ng tawo at kaniyang pinalakas ako.

**19** At kaniyang sinabing: Oh lalaki na minamahal na mainam, huag kang matakot: kapayapaan ang sumayo, magpakalakas ka, oo, magpakalakas ka. At ng siya'y magsalita sa akin, ako'y lumakas, at nagsabing: Magsalita ang aking panginoon; sapagka't iyong pinalakas ako.

**20** Ng magkagayo'y sinabi niyang: Talastas mo ba kung bakit ako'y naparito sa iyo? at ngayoy babalik ako upang bumaka sa pangulo sa Persia: at ng ako'y lumalabas, narito, ang pangulo sa Grecia ay dumating.

**21** Ngunit aking sasaysayin sa iyo ang nakasulat sa kasulatan ng katotohanan: at walang sino mang makapagpapalakas sa akin laban sa mga ito, kungdi si Mikael na inyong pangulo.

**11** At tungkol sa akin, ng unang taon ni Darius na Medo, ako'y tumayo upang pasiglahin at palakasin siya.

**2** At ngayoy aking ipakikilala sa iyo ang katotohanan. Narito, sa Persia'y tatayo pa ang tatlóng hari sa Persia; at ang ikaapat ay magiging totoong mayaman kay sa kanilang lahat: at pagka siya'y naging malakas sa kaniyang mga yaman, kaniyang hihikayat in ang lahat laban sa kaharian sa Grecia.

**3** At isang makapangyarihang hari ay tatayo na magpuno na may malaking pagsakop; at gagawa ng ayon sa kaniyang ibig.

**4** At pagka siya'y tatayo, ang kaniyang kaharian ay magigiba, at mababahagi sa apat na hangin ng langit; ngunit hindi sa kaniyang kaupoan, o ayon man sa kaniyang pagsakop na kaniyang ipinagpuno; sapagka't ang kaniyang kaharian

ay mabubunot para sa mga iba bukod sa mga ito.

**5** At ang hari sa timugan ay magiging malakas at ang isa sa kaniyang mga pangulo; at siya'y magiging malakas kay sa kaniya, at magkakaroon ng pagsakop; ang kaniyang pagsakop ay magiging malaking pagsakop.

**6** At sa katapusan ng mga taon, sila'y magpipipisan, at ang anak na babaye ng hari sa timugan ay paroroon sa hari sa hilagaan upang gumawa ng pakikipagkasundo; ngunit hindi niya mapananatili ang kalakasan ng kaniyang kamay; o siya ma'y tatayo, o ang kamay man niya; kungdi siya'y mabibigay, at yaong mga nagdala sa kaniya, at ang nanaganak sa kaniya, at ang nagpalakas sa kaniya sa mga panahong yaon.

**7** Ngunit sa ushong ng kaniyang mga ugat ay tatayo ang isa na kahalili niya na paroroon sa kawal, at papasok sa katibayan ng hari sa hilagaan, at gagawa ng laban sa kaniya, at mananaig:

**8** at gayon din ang kanilang mga dies sampuo ng kanilang mga larawang binubo at ng kanilang mga mainam na sisidlan na pilak at giuto dadalhing bihang sa Egipto; at siya'y magluwat ng ilang taon kay sa hari sa hilagaan.

**9** At siya'y paroroon sa kaharian ng hari sa timugan, ngunit siya'y babalik sa kaniyang sariling lupain.

**10** At ang kaniyang mga anak ay babaka, at magpipisan ng isang karamihan na may mga dakilang katibayan, na magpapatuloy, at nabot, at lalapas: at sila'y babalik at babaka, hangang sa kaniyang katibayan.

**11** At ang hari sa timugan ay makikilos ng pagniningas ng loob, at lalabas at babaka sa kaniya, sa hari sa hilagaan: at siya'y maglalabas ng malaking karamihan, at ang karamiha'y mabibigay sa kaniyang kamay.

**12** At ang karamihan ay madadala, at ang kaniyang puso ay patataasin: at kaniyang ibabagsak ang libolibo, ngunit hindi mananaig.

**13** At ang hari sa hilagaan ay babalik at maglalabas ng isang karamihan na halong malaki kay sa una; at siya'y magpapatuloy hangang sa wakas ng mga panahon ng mga taon, na may malaking kawal at maraming kayamanan.

**14** At sa mga panahong yaon ay maraming tatayo laban sa hari sa timugan: gayon din ang mga anak na mangdadahas sa gitna ng iyong bayan ay magbabangon upang itatag ang malikmata; ngunit siya'y mabubual.

**15** Sa gayoy paroroon ang hari sa hilagaan, at magtatayo ng isang bundok, at

sasakop ng isang ciudad na nakukutaang mabuti; at ang mga katibayan ng timugan ay hindi makalalaban, o ang kaniya mang piling bayan, o magkakaroon man sila ng ano mang kalakasan upang makalaban. **16** Ngunit ang dumarating laban sa kaniya, ay gagawa ng ayon sa kaniyang sariling ibig, at walang makatatayo sa harap niya: at siya'y tatayo sa malualhating lupain, at sa kaniyang kamay ay magkakaroon ng kagibaan. **17** At kaniyang ititig ang kaniyang mukha upang pumaroon na kasama ng lakas ng kaniyang boong kaharian, at ng mga tapat na kasama niya: at siya'y gagawa ng kaniyang kasayahan: at ibibigay niya sa kaniya ang anak na babaye ng mga babaye, upang lamakin; ngunit siya'y hindi tatayo, o siya'y magiging para sa kaniya man. **18** Pagkatapos nito'y kaniyang ipipiliit ang kaniyang mukha sa mga pulo, at sasakop ng marami: ngunit isang pangulo ay magpapatigil ng kapulaang inihandang sa pamamagitan niya; oo, bukod dito'y kaniyang pabalikin ang kaniyang kapulaan sa kaniya. **19** Kung magkagayo'y kaniyang ipipihit ang kaniyang mukha sa dako ng mga katibayan ng kaniyang sariling lupain: ngunit siya'y matitised at mabubual, at hindi masusumpungan. **20** Kung magkagayo'y tatayo, na kahalili niya ang isa na mag-aalis ng mga singilin na siyang magiging kalualhatian ng kaharian; ngunit sa loob ng kaonting araw ay magigiba, na hindi sa kagaitan o sa pagbabaka man. **21** At kahalili niya na tatayo ang isang walang kabuluhang tawo, na hindi nila pinagbigyan ng karangalan ng kaharian: ngunit siya'y darating sa panahong tiwasay, at magtatamo ng kaharian sa pamamagitan ng pagpuri. **22** At sa pamamagitan ng baha ng mga tubig ay sila'y mawawalis sa harap niya, at mababasag; oo, pati ng pangulo sa tipan. **23** At pagkatapos ng pakikipagkasundong ginawa sa kaniya, siya'y gagawin may karayaan: sapagka't siya'y sasampa, at magiging matibay, na kasama ng isang munting bayan. **24** Sa panahon ng katiwasayan siya'y darating hangang sa mga pinakamatabang lugar ng lalawigan; at kaniyang gagawin ang hindi ginawa ng kaniyang mga magulang, o ng mga magulang ng kaniyang mga magulang; siya'y magbabahagi sa kanila ng huli at samsam, at kayamanan: oo, siya'y kakatha ng kaniyang mga katha laban

sa mga katibayan hangang sa isang panahon. **25** At kaniyang gigisingin ang kaniyang kapangyarihan at ang kaniyang tapang laban sa hari sa timugan na may malaking hukbo; at ang hari sa timugan ay babaka ng pakikipagbaka na may totoong malaki at makapangyarihang kawal: ngunit hindi siya makatatayo, sapagka't sila'y kakatha ng mga katha laban sa kaniya. **26** Oo, silang kumakain ng kaniyang pagkain ay gigiba sa kaniya, at ang kaniyang kawal ay aagawin: at marami ay mabubual na patay. **27** At tungkol sa dalawang haring ito, ang kanilang mga puso ay mag-gagawaan ng kapanlawan, at sila'y magsasalita ng mga kabulaanan sa isang dulang: ngunit walang kasa-sapitan; sapagka't ang katapusan ay magiging sa panahong takda pa. **28** Kung magkagayo'y babalik siya sa kaniyang lupain na may malaking kayamanan; at ang kaniyang puso ay magiging laban sa santong tipan; at siya'y gagawa ng kaniyang kasayahan, at babalik sa kaniyang sariling lupain. **29** Sa takdang panahon ay siya'y babalik at papasok sa timugan; ngunit hindi magiging gaya ng una ang huli. **30** Sapagka't mga sasakyan sa Kitim ay paroroon laban sa kaniya; kaya'y siya'y mamamanlaw, at babalik, at magkakaroon ng galit laban sa santong tipan, at gagawa ng kaniyang kasayahan: siya nga'y babalik at mag-iisip ng laban sa mga nagpapabaya ng santong tipan. **31** At mga kamay ay malalagay sa kaniyang bahagi, at kanilang dudumhan ang santuario, ang katibayan, at aalisin ang palaging handog na susunugin, at kanilang ilalagay ang kasuklamsuklam na nangigiba. **32** At ang gayon na gumagawa ng kasaman laban sa tipan, ay manghikayat ng mga pagpuri: ngunit ang bayan na nakakakilala ng kanilang Dios ay magiging matibay, at gagawa ng kababalaghan. **33** At silang marinong sa bayan ay magtuturo sa marami: gayon ma'y mabubual sila sa pamamagitan ng tabak, at ng liab ng pagkabilag at ng samsam, na maraming araw. **34** Pagka nga sila'y mabubual, sila'y aalalayan ng kaonting alalay: ngunit marami ay magsisipisan sa kanila na may mga daya. **35** At ang ilan sa kanila na pantas ay mabubual, upang dalisayin sila, at linisin, at paputiin, hangang sa panahon ng kawakasan; sapagka't para sa panahong

takda pa. **36** At ang hari ay gagawa ayon sa kaniyang ibig; at siya'y magmamalaki, at magpapakataas ng higit kay sa lahat na dios, at magsasalita ng mga kagilagilalas na mga bagay laban sa Dios ng mga dios: at siya'y giginhawa hangang sa ang galit ay matupad; sapagka't ang ipinasiya ay gagawin. **37** Wawaling bahala niya ang mga dios ng kaniyang mga magulang, o ang nasa sa mga babaye, o lilingapin man ang sino mang dios; sapagka't siya'y magmamalaki sa lahat. **38** Kungdi sa kaniyang lugar ay pararangalan niya ang dios ng mga katibayan: at isang dios na hindi nakilala ng kaniyang mga magulang ay kaniyang pararangalan ng ginto, at pilak, at ng mga mahalagang bato, at ng mga maligayang mga bagay. **39** At siya'y mag-aari ng mga matibay na moog sa tulong ng ibang dios; sino mang makakilala sa kaniya, halagong may kalualhatian: at mga pagpupunuin niya sa marami, at kaniyang babahagihin ang lupa sa halaga. **40** At sa panahon ng kawakasan ay makikipagkaalit sa kaniya ang hari sa timugan: at ang hari sa hilagaan ay paroroon laban sa kaniya na gaya ng isang ipoipo, na may mga karro, at may mga nanangabayo, at may maraming saksayan; at kaniyang papasukin ang mga lupain, at aabot, at lalagpas. **41** Siya'y papasok naman sa malualhating lupain, at maraming lupain ay mababagsak: nguni't ang mga ito ay maliligtas sa kaniyang kamay, ang Edom at ang Moab, at ang puon ng mga anak ng Ammon. **42** Kaniyang iunat ang kaniyang kamay naman sa mga lupain: at ang lupain ng Egipto ay hindi makatatakas. **43** Nguni't siya'y magkakaroon ng kapangyarihan sa mga kayamanang ginto at pilak, at ng lahat na mahalagang bagay sa Egipto: at ang mga Libio at ang mga Etiopia ay sasa kaniyang mga hakbang. **44** Nguni't mga balita na mula sa silangan at mula sa hilagaan ay babagabag sa kaniya: at siya'y lalabas na may malaking pag-aalab ng loob upang gumiba at lumipol sa marami. **45** At kaniyang itatayo ang mga dampa ng kaniyang palacio sa pag-itian ng dagat at ng malualhating santong bundok; gayon ma'y siya'y darating sa kaniyang wakas, at walang tutulong sa kaniya.

**12** At sa panahong yaon ay titindig si Mikael, na dakilang pangulo na tumitindig sa ikabubuti ng mga anak ng

iyong bayan: at magkakaroon ng panahon ng kabagabagan, na hindi nangyari kailan man mula ng magkaroon ng nacion hangang sa panahong yaon: at sa panahong yaon ay maliligtas ang iyong bayan, lahat na masumpungan na dakasulat sa libro. **2** At marami sa kanila na natutulog sa alabok ng lupa ay gigising, ang iba'y para sa walang hangang buhay, at ang iba'y sa kabihyan at sa walang hangang pagkalito. **3** At ang maging pantas ay sisilang na gaya ng kinang ng langit; at silang magbabalik na marami sa kabanalan ay gaya ng mga bituin magpakailan man. **4** Nguni't ikaw, Oh Daniel, isara mo ang mga salita, at tatakan mo ang libro, hangang sa panahon ng kawakasan: marami ang tatakbo ng paroo't parito, at ang kaalaman ay lalago.

**5** Ng magkagayo'y akong si Daniel ay tumingin, at narito, nakatayo ang ibang dalawa, ang isa'y sa dakong ito ng pangpang ng ilog, at ang isa'y sa kabilang pangpang ng ilog sa dakong yaon. **6** At ang isa'y nagsalita sa lalaking nabihisan ng kayong puti, na nasa ibabaw ng tubig ng ilog: *Hangang kailan mangyayari ang wakas ng mga kababaghang ito?* **7** At aking narinig ang lalaking nakapanamit ng kayong puti, na nasa ibabaw ng mga tubig ng ilog, ng kaniyang itaas ang kaniyang kanan at kaniyang kaliwang kamay sa langit, at sumumpa sa pamamagitan ng nabubuhay magpakailan man na magiging sa isang panahon, mga panahon, at kalahati; at pagka kanilang natapos na mapagpiraso ang kapangyarihan ng santong bayan, ang lahat na bagay na ito ay matatapos. **8** At aking narinig, nguni't di ko natalastas: ng magkagayo'y sinabi kong: *Oh panginoon ko, ano ang magiging wakas ng mga bagay na ito?* **9** At sinabi niyang: *Yumaon ka ng iyong lakad, Daniel: sapagka't ang mga salita ay nasarhan at natatakan hangang sa panahon ng kawakasan.* **10** Marami ang magpapakalinis, at magpapakaputi, at magpapakadalisay; nguni't ang masama ay gagawa ng kasaman; at wala sa masama na makakalam: nguni't silang pantas ay makakaalam. **11** At mula sa panahon na ang palaging *handog na susungatin* ay aalisin, at matatayo ang kasuklamsuklam na gumigiba, ay magkakaroon ng isang libo't dalawang daan at siam na puong araw. **12** Mapalad siyang nghihintay,

at datnin ang isang libo't tatlong daan at tatlong puo't limang araw. **13** Nguni't yumaon ka ng iyong lakad hangaug sa ang wakas ay mangyari: sapagka't ikaw ay magpapahinga, at tatayo sa iyong kapalaran, sa wakas ng mga araw.

## HOSEA.

**1** Ang salita ng PANGINOON na dumating kay Hosea na anak ni Beeri, sa mga kaarawan ni Uzias, ni Jotam, ni Ahaz, at ni Hezekias, na mga hari sa Juda, at sa mga kaarawan ni Jeroboam na anak ni Joas, na hari sa Isarel.

**2** Ng unang magsalita ang PANGINOON sa pamamag-itan ni Hosea, sinabi ng PANGINOON kay Hosea: Ikaw ay yumaon, mag-asawa ka sa isang mang-apid, at mga anak sa pakikiapid: sapagka't ang lupain ay nagkakamit ng malaking pakikiapid, na humihiwalay sa PANGINOON.

**3** Sa gayo'y yumaon siya, at kinuha niya si Gomer na anak ni Diblaim; at siya'y naglihi, at nagkaanak sa kaniya ng isang lalaki. **4** At sinabi ng PANGINOON sa kaniyang: Tawagin mo ang kaniyang pangalang Jezreel: sapagka't sandali pa at aking igaganti ang dugo ng Jezreel sa bahay ni Jehu, at aking patitigilin ang kaharian ng bahay ng Israel.

**5** At mangyari sa araw na yaon, na aking babaliin ang bosog ng Israel sa libis ng Jezreel. **6** At siya'y naglihi uli, at nanganak ng isang babaye. At sinabi ng PANGINOON sa kaniyang: Tawagin mo ang kaniyang pangalang Lo-ruhama: sapagka't hindi na ako magkakaroon pa ng kaawaan sa bahay ng Israel, na sa ano mang paraan ay patatawarin ko sila.

**7** Nguni't ako'y maaawa sa bahay ng Juda, at ililigtas ko sila sa pamamag-itan ng PANGINOONG kanilang Dios, at hindi ko ililigtas sila sa pamamag-itan ng bosog o sa pamamag-itan man ng tabak, o sa pamamag-itan man ng pakikipag-baka, sa pamamag-itan ng mga kabayo, o sa pamamag-itan man ng mga manggabay.

**8** Ng maihiwalay nga niya sa suso si Lo-ruhama, siya'y naglihi at nanganak ng isang lalaki. **9** At sinabi ng PANGINOON: Tawagin mo ang kaniyang pangalang Lo-ammi: sapagka't

kayo'y hindi aking bayan, at ako'y hindi magiging inyong Dios.

**10** Gayou ma'y ang bilang ng mga anak ng Israel ay magiging gaya ng buhangin sa dagat na hindi matatakal o mabibilang man; at mangyari, na sa lugar na pagsabihan sa kanilang: Kayo'y hindi aking bayan, sasabibiu sa kanilang: Kayo'y mga anak ng luhay na Dios. **11** At ang mga anak ng Juda, at ang mga anak ng Israel mapipisan, at sila'y maghahalal sa kanilang sarili ng isang pangulo, at sila'y sasampa mula sa lupain: sapagka't magiging malaki ang kaarawan ng Jezreel.

**2** Sabihin ninyo sa inyong mga kapatid na lalaki: Aumi; at sa inyong mga kapatid na babaye ay: Ruhama.

**2** Makipagkaalit kayo sa inyong ina, makipagkaalit kayo; sapagka't siya'y hindi ko asawa, o ako man ay kaniyang asawa: at alisin niya ang kaniyang pakikiapid sa kaniyang mukha, at ang kaniyang mga pangangalunya sa pag-itan ng kaniyang mga suso; **3** baka siya'y aking hubaran, at aking ilagay siya na gaya ng araw na siya'y ipanganak, at gawin ko siyang parang isang ilang, at ilagay ko siyang parang isang tuyong lupa, at patayin ko siya ng uhaw; **4** oo, sa kaniyang mga anak ay hindi ako magkakaroon ng awa; sapagka't sila'y mga anak sa ligaw. **5** Sapagka't ang kanilang ina ay naglaro ng pagdadalahira: siya na naglihi sa kanila ay gumawa ng kahiyabiya: sapagka't kaniyang sinabing: Ako'y susunod sa mga mangliligaw sa akin, na nagbibigay sa akin ng aking tinapay at ng aking tubig, ng aking lana at ng aking lino, ng langis ko at ng inumin ko. **6** Kaya't narito, aking babakuran ng mga tinik ang iyong daan, at ako'y gagawa ng bakod laban sa kaniya, na hindi niya masusumpungan ang kaniyang landas.

7 At siya'y susunod sa mga manliligaw sa kaniya, nguni't hindi niya mga abutan; at hahanapin niya sila, nguni't hindi niya mga masusumpungan: kung magkagayo'y sasabihin niyang: Ako'y yayaon at babalik sa aking unang asawa; sapagka't naging mabuti sa akin kay sa ngayon. 8 Sapagka't hindi niya nalalaman na ako ang pagbibigay sa kaniya ng trigo, at ng alak at ng langis, at nagpaparami sa kaniya ng pilak at ginto, na kanilang ginamit para kay Baal. 9 Kaya't aking babawiin ang aking trigo sa panahon, at ang aking alak sa panahon, at aking aagawin ang aking lana at ang aking lino na tatakip sa kaniyang kahubaran. 10 At ngayo'y aking ilalabas ang kaniyang kalandian sa paningin ng mga manliligaw sa kaniya, at walang magliligtas sa kaniya sa aking kamay. 11 Akin namang patitigilin ang kaniyang mga kalayawan, ang kaniyang mga kapistahan, ang kaniyang mga bagong buan, at ang kaniyang mga sabado, at lahat ng kaniyang dakilang kapisanan. 12 At aking sisirain ang kaniyang mga puno ng uvas, at ang kaniyang mga puno ng higos, na siya niyang sinasabing: Ang mga ito ang aking kaupahan na ibinigay sa akin ng mga manliligaw sa akin: at aking gagawin silang isang gubat, at kakanin sila ng mga hayop sa parang. 13 At aking dadalawin sa kaniya ang mga kaarawan ng mga Baalim, na siya niyang ipinagsusunog ng kamanyan; ng siya'y lumalandi ng kaniyang mga hikaw at kaniyang mga hiyas, at sumusunod sa mga manliligaw sa kaniya, at kinalimutan ako, sabi ng PANGINOON. 14 Kaya't, narito, akin siyang babatakin, at dadalhin siya sa ilang, at pagsasalitaan ko siyang may pag-aliw. 15 At ibinigay ko sa kaniya ang kaniyang mga urasan mula roon, at ang libis ni Akor na pinakapintuan ng pag-asa: at siya'y sasagot doon, gaya ng mga kaarawan ng kaniyang kabataan, at gaya ng araw na siya'y sumampa mula sa lupain ng Egipto. 16 At mangyayari sa araw na yaon, sabi ng PANGINOON, na tatawagin mo akong Ishi; at hindi mo na ako tatawaging Baal. 17 Sapagka't aking mga aalisin ang mga pangalan ng mga Baalim sa kaniyang bibig, at siya'y hindi na bangitin pa sa pamamagitan ng kanilang pangalan. 18 At sa araw na yaon ay igagawa ko sila ng tipan sa mga hayop sa parang, at sa mga ibon sa himpapawid, at

sa mga bagay na umuusad sa lupa: at aking babaliin ang bosog at ang tabak, at ang pagbabaka sa lupain, at akin silang pahigang tiwasay. 19 At ikaw ay aking ikakasal sa akin magpakailan man; oo, ikakasal kita sa akin sa kabanalan, at sa kahatulan, at sa kagandahang-loob, at sa mga kaawaan. 20 Ikakasal rin kita sa akin sa pagtatapat: at iyong makikilala ang PANGINOON. 21 At mangyayari sa araw na yaon, ako'y sasagot, sabi ng PANGINOON, ako'y sasagot sa mga langit, at sila'y sasagot sa lupa; 22 at ang lupa'y sasagot sa trigo, at sa alak, at sa langis; at sila'y sasagot sa Jezreel. 23 At aking itatanim siya sa akin sa lupa; at ako'y magkakaroon ng kaawaan sa kaniya na hindi nagtamo ng kaawaan; at aking sasabihin sa kaniya na hindi aking bayan: Ikaw ay aking bayan; at siya'y magsasabing: Ikaw ay aking Dios.

3 At sinabi ng PANGINOON sa aking: Yumaon ka pa, suminta ka sa isang babaye na minamahal ng kaniyang kaibigan at mangangalunya, gaya ng pag-ibig ng PANGINOON sa mga anak ng Israel, baga man sila'y bumabalik sa ibang mga dios, at umiibig ng mga masa ng pasas. 2 Sa gayo'y binili ko siya para sa akin ng labing limang pirasong pilak, at ng isang homer na cebada, at ng kalahating homer na cebada: at sinabi ko sa kaniyang: 3 Ikaw ay mapapa sa akin na maraming araw; ikaw ay hindi maglalaro ng pagdadalahira, at ikaw ay hindi na magiging asawa pa ng ibang lalaki; kaya't ako naman ay sasa iyo. 4 Sapagka't ang mga anak ng Israel ay maghihintay ng maraming araw na walang hari, at walang hari, at walang pangulo, at walang hayin, at walang haligi, at walang efod o terafim: 5 pagkatapos ay babalik ang mga anak ng Israel, at hahanapin ang PANGINOONG kanilang Dios, at si David na kanilang hari; at paroroong may takot sa PANGINOON at sa kaniyang kabutihan sa mga huling araw

4 Dingin ninyo ang salita ng PANGINOON, ninyong mga anak ng Israel: sapagka't ang PANGINOON ay may pakikipagkaalit sa mga mananahan sa lupain, sapagka't walang katotohanan, o kaawaan man, o kaalaman man sa Dios sa lupain. 2 Wala, kungdi pagsumpa at pagsira ng pagtatapat, at pagpatay, at pagnanakaw, at pangangalunya; sila'y dumadaluho, at dugo'y

tumatama sa dugo. **3** Kaya't ang lupain ay tatangis, at bawala't tumatahan doon ay manlulupaypay, sampuo ng mga hayop sa parang at ng mga ibon sa himpapawid: oo, ang mga isda rin sa dagat ay mabuhuli. **4** Gayon ma'y huag makipagkaalit ang sino man o sumaway ang sino man; sapagka't ang inyong bayan ay gaya ng nakikipagkaalit sa sacerdote. **5** At ikaw ay matitiso! sa araw, at ang profeta naman ay matitiso na kasama mo sa gabi; at aking papatayin ang iyong ina. **6** Ang aking bayan ay giba dahil sa kakulangan ng kaalaman: sapagka't ikaw ay nagtakuil ng kaalaman, akin namang itatakuil kita. upang ikaw ay huag magiging sacerdote ko: sa paraang iyong nilimot ang kautusan ng iyong Dios, akin namang kalilimutan ang iyong mga anak. **7** Kung paanong sila'y dumami, gayon sila nagkasala laban sa akin: aking papalitan ng kahiyaan ang kanilang kaulalhatian. **8** Sila'y kumakain ng kasalanan ng aking bayan, at inilalagak ang kanilang puso sa kanilang kasam-an. **9** At mangyayari, na kung paano ang bayan, gayon ang sacerdote: at akin silang parurusahan dahil sa kanilang mga lakad, at aking gagantihin sa kanila ang kanilang mga gawa. **10** At sila'y kakain, at hindi makakasihahan; sila'y magkakamit ng pakikiapid, at hindi lalago; sapagka't sila'y nagwalang bahala sa PANGINOON. **11** Ang pakikiapid, at ang alak, at bagong alak ay nag-aalis ng kaalaman. **12** Ang aking bayan ay humihingi ng payo sa kanilang tukod, at ang kanilang tungkod ay nagsasaysay sa kanila: sapagka't ang espiritu ng pakikiapid ay nagligaw sa kanila, at sila'y yumaong nakipad na humiwalay sa kanilang Dios. **13** Sila'y naghabayin sa mga taluktok ng mga bundok, at nagsusunog ng kamanyan sa mga burol, sa ilalain ng mga encina, at ng mga alamo at ng mga robe, sapagka't ang lilim noon ay mabuti: kaya't ang inyong mga anak na babaye ay nagkakamit ng pakikiapid, at ang inyong mga manulang na babaye ay nagkakamit ng pangangalunya. **14** Hindi ko parurusahan ang inyong mga anak na babaye pagka sila'y nagkakamit ng pakikiapid, o ang inyong mga manulang na babaye pagka sila'y nagkakamit ng pangangalunya; sapagka't sila sa kanilang sarili ay bumalapi na kasama ng mga mang-aapid, at sila'y naghabayin na kasama ng mga dalahira: at ang

bayan na hindi nakakaalam ay magigiba. **15** Baga man ikaw, Oh Israel, maglaro ng pagdadalahira, huag maging salarin ang Juda; at huag kayong pumaroon sa Gilgal, o sumampa man kayo sa Bet-aven, o sumumpa man; Buhay ang PANGINOON. **16** Sapagka't ang Israel ay nagpakabangis, gaya ng isang mabangis na guyang babaye: ngayo'y pakakanin sila ng PANGINOON na gaya ng cordero sa isang malaking lugar. **17** Ang Efraim ay nalalaki sa mga idolo; bayanan mo siya. **18** Ang kanilang inumin ay naging maasin: sila'y nagkakamit ng pakikiapid na palagi; iniibig na mabuti ng kaniyang mga puno ang kahihiyuan. **19** Kinipkip sa kaniyang mga pakpak siya ng hangin; at sila'y mapapahiya dahil sa kanilang mga hayin. **5** Dingin ninyo ito, Oh ninyong mga sacerdote, at inyong pakingan ninyong bahay ng Israel, at inyong ulinigin, Oh bahay ng hari, sapagka't sa inyo'y nauukol ang kahatulan; sapagka't kayo'y naging isang silo sa Mizpa, at isang bitag na nalagay sa Tabor. **2** At ang mga mangugulo ay nagpakalubog sa pagpatay; nguni't ako'y mananaway sa kanilang lahat. **3** Aking kilala ang Efraim, at ang Israel na hindi lihim sa akin: sapagka't ngayon, Oh Efraim, ikaw nagkamit ng pakikiapid, ang Israel ay nalawa. **4** Hindi sila titiisin ng kanilang mga gawa na bumalik sa kanilang Dios: sapagka't ang espiritu ng pakikiapid ay nasa loob nila, at hindi nila nakilala ang PANGINOON. **5** At ang kapalaluan ng Israel ay nagpapatotoo sa kaniyang mukha: kaya't ang Israel at ang Efraim ay matitiso na kanilang kasam-an; ang Juda'y matitiso ding kasama nila. **6** Sila'y yayaong kasama ng kanilang kawan at ng kanilang bakahan upang hanapin ang PANGINOON; nguni't hindi nila masusumpungan siya: siya'y humiwalay sa kanila. **7** Sila'y gumawa ng paglililo laban PANGINOON; sapagka't sila'y nanganak ng ibang mga anak: lalamunin nga ng bagong buan sila na kasama ng kanilang mga parang.

**8** Hipan ninyo ang patunog sa Gibeá, at ang pakakak sa Rama; kayo'y tumugtog ng pagkakaingay sa Bet-aven; sa likuran mo, Oh Benjamin. **9** Ang Efraim ay magiging kabiguan sa kaarawan ng pagsaway: sa gitna ng mga angkan ng Israel ay aking ipinakilala



ang mangyayari. **10** Ang mga pangulo sa Juda ay gaya ng mga bumabago ng patoto: aking ibubuhos ang aking galit sa kanila na parang tubig. **11** Ang Efraim ay napighati siya'y sira sa kahatulan; sapagka't siya'y tuang lumakad ayon sa utos. **12** Kaya't ako'y nasa Efraim na parang buklok, at sa bahay ng Juda na parang kalawang. **13** Ng makita ng Efraim ang kaniyang sakit, at ng Juda ang kaniyang sugat, naparoon nga ang Efraim sa Asiria, at nagsugo sa haring Jareb: nguni't hindi niya mapagagaling kayo, o kaniyang gagamutin man kayo sa inyong sugat. **14** Sapagka't ako'y magiging parang leon sa Efraim, at parang isang batang leon sa bahay ng Juda: Ako, ako, aagaw at aalis; aking dadalhin, at walang makaliligtas. **15** Ako'y yayaon at magbabalik sa aking lugar, hangang sa kanilang kilalanin ang paggalit, at hanapin ang aking mukha: sa kanilang pagkapighati ay hahanapin nila akong mainam.

**6** Kayo'y parito, at tayo'y magbalik sa PANGINOON: sapagka't siya'y lumapa at pagagalingin niya tayo; siya'y sumugat at kaniyang tatapalan tayo. **2** Pagkatapos ng dalawang araw ay muling bubuhayin niya tayo: sa ikatlong araw ay ibahangon niya tayo, at tayo'y mabubuhay sa harap niya. **3** At ating kilalanin, ang PANGINOON upang makilala ang PANGINOON; ang kaniyang paglabas ay tunay na gaya ng umaga: at siya'y paririto sa atin na parang ulan, na gaya ng tanghaling ulan na dumidilig ng lupa.

**4** Oh Efraim, ano ang gagawin ko sa iyo? Oh Juda, ano ang gagawin ko sa iyo? sapagka't ang inyong kabutihan ay gaya ng alapaap sa umaga, at gaya ng hamog na lumalabas na maaga. **5** Kaya't aking pinutol sila sa pamamagitan ng mga profeta; aking pinatay sila ng mga salita ng aking bibig: at ang iyong mga kahatulan ay gaya ng liwanag na lumalabas. **6** Sapagka't ako'y naganansa ng kaawaan at hindi hayin; at ang pagkakilala sa Dios ay higit kay sa mga handog na susunugin. **7** Nguni't sila'y gaya ni Adam na sumalangsang sa tipan: doo'y gumawa silang may paglililo laban sa akin. **8** Ang Gilead ay ciudad na gumagawa ng kasam-an, lamira sa dugo. **9** At gaya ng mga pulutong ng mga tulisan na nag-aabang sa isang tawo, sa gayo'y ang

pulutong ng mga sacerdote ay pumapatay sa daang dakong Sekem: oo sila'y nagkamit ng kalandian. **10** Sa bahay ng Israel ay nakakita ako ng kakilakilabot na bagay: doo'y nakikiapid ang Efraim, ang Israel ay nahawa. **11** Sa iyo man, Oh Juda, may pag-ani na takda, pagka aking ibinalik ang pagkabihag ng aking bayan.

**7** Ng aking pagagalingin ang Israel, ang kasam-an nga ng Efraim ay lumitaw, at ang kasam-an ng Samaria; sapagka't sila'y nagkakamit ng kasinunngalingan at ang magnanakaw ay pumasok, at ang pulutong ng mga tulisan ay nananamsan sa labas. **2** At hindi nila binubulay sa kanilang mga puso na aking inaalaala ang lahat nilang kasam-an: ngayo'y kinukulong sila sa palibot ng kanilang sariling mga gawa; sila'y nasa harap ko. **3** Kanilang pinasasaya ang hari ng kanilang kasam-an, at ang mga pangulo ng kanilang pagsisinungaling. **4** Silang lahat ay mangangalunya; sila'y parang hurnong iniinit ng magtitinapay; siya'y tumigil na magsulong ng apoy, mula sa paggawa ng masa hangang sa mapanis. **5** Ng kaarawan ng ating hari, ang mga pangulo ay nagpakasakit sa pamamagitan ng init ng alak; kaniyang iniunat ang kaniyang kamay sa mga mangngutya. **6** Sapagka't kanilang inihanda ang kanilang puso na parang hurno, samantalang sila'y naghihintay: ang kanilang magtitinapay ay natutulog boong gabi; sa kinaumagaha'y nagniningas na parang liab na apoy. **7** Silang lahat ay nagniningas na parang hurno, at nilalamon ang kanilang mga hukom; lahat nilang hari ay nabual: wala sa kanila na tumawag sa akin. **8** Ang Efraim, nakisalamuha sa mga bayan; ang Efraim ay isang mamong hindi pinihit. **9** Nilamon ng mga taga ibang lupa ang kaniyang laman, at hindi niya nalalaman: oo, mga uban ay narito at naroon sa kaniya, at hindi niya nalalaman. **10** At ang kapalaluan ng Israel ay nagpapatotoo sa kaniyang mukha: gayon ma'y hindi sila nagbalik sa PANGINOONG kanilang Dios, o hinanap man siya nila, dahil sa lahat na ito. **11** At ang Efraim ay gaya ng isang mangmang na kalapati, na walang kaalaman: sila'y tumawag sa Egipto, sila'y naparoon sa Asiria. **12** Pagka sila'y yayaon ay aking ilaladlad ang aking lambat sa kanila; aking silang ibabagsak na parang mga ibon sa himpapawid: aking parurusahan

sila, gaya ng narinig sa kanilang kapulu-  
ngan. **13** | Sa aba nila! sapagka't sila'y  
humiwalay sa akin; | kagibaan sa kanila!  
sapagka't sila'y sumalangsang laban sa  
akin: бага man sila'y aking tinubos, gayon  
ma'y nagsalita ng kasinungalingan sila  
laban sa akin. **14** At sila'y hindi  
dumaing sa akin ng kanilang puso,  
kungdi sila'y umangal sa kanilang mga  
hibigan: sila'y nagpipisan dahil sa trigo  
at alak, sila'y nanghimagsik laban sa  
akin. **15** Baga man aking tinuruan at  
pinalakas ang kanilang mga kamay, gayon  
ma'y nag-isip ng kasam-an laban sa  
akin. **16** Sila'y nagbabalik, nguni't  
hindi sa kaniya na nasa kaitaasan; sila'y  
gaya ng magdarayang bosog: ang kani-  
lang mga pangulo ay mabubual sa pama-  
mag-itan ng tabak dahil sa galit ng kani-  
lang dila: ito ang magiging katuyoan sa  
kanila sa lupain ng Egipto.

**8** *Ilagay mo* ang pakakak sa iyong  
bibig. Gaya ng isang agula na  
*dumarating* laban sa bahay ng PANGI-  
NOON: sapagka't kanilang sinuay ang  
aking tipan, at sumalangsang laban sa  
aking kautusan. **2** Sila'y dadaing sa  
aking: Dios ko, kaming Israel, nakaka-  
kilala sa iyo. **3** Itinakuil ng Israel ang  
mabuti: hahabulin siya ng kaaway. **4**  
Sila'y naglagay ng mga hari, nguni't  
hindi sa pamamagitan ko; sila'y nag-  
lagay ng mga pangulo, at hindi ko  
nalaman: sa kanilang pilak at kanilang  
ginto ay gumawa sila ng mga idolo,  
upang sila'y mahiwalay. **5** Kaniyang  
inihiwalay ang iyong gnya, Oh Samaria;  
ang aking galit ay nag-aalab laban sa  
kanila: | hangang kailan hindi sila aabot  
sa kawalang sala? **6** Sapagka't mula  
sa Israel nangaling ito; ginawa ng  
mangagawa, at hindi Dios: oo, ang gnya  
ng Samaria ay magkakarapirapaso. **7**  
Sapagka't sila'y nagtatanim ng hangin,  
at sila'y aani ng ipoipo: siya'y walang  
nakatayang trigo; ang uhay ay hindi  
maglalaman ng harina: at kung maglaman,  
ay lalamunin ng mga taga ibang lupa. **8**  
Ang Israel ay nalamon: ngayo'y nasa  
gitna siya ng mga nasyon na parang  
sisidlang walang kaligayahan. **9** Sapag-  
ka't sila'y sumampa sa Asiria, na gaya ng  
isang mabangis na asno na nag-iisa: ang  
Efraim ay umupa ng mga manliligaw. **10**  
Oo, бага man kanilang inupahan ang  
mga nasyon, akin nga ngayon silang  
pipisanin; at sila'y magpapasimulang  
mamanlaw dahil sa pasan ng hari ng

mga puno. **11** Sapagka't ang Efraim,  
ay nagparami ng mga altar upang magka-  
sala, ang mga altar ay naging sa kaniya'y  
ipagkakasala. **12** Baga man sinulat ko  
para sa kaniya ang aking kautusan sa  
sampuong libong utos, kanilang inaring  
parang bagay na kaiba. **13** Tungkol sa  
mga hayin na mga handog sa akin,  
sila'y naghalayin ng laman, at kinain  
nila; nguni't hindi mga tinanggap ng PA-  
NGINOON: ngayo'y aalalahanin niya ang  
kanilang kasam-an, at dadalawin ang  
kanilang mga kasalanan; sila'y magba-  
balik sa Egipto. **14** Sapagka't nilimot  
ng Israel ang kaniyang Taga-lalang, at  
nagtayo ng mga palacio; at nagparami  
ang Juda ng mga ciudad na nakukutaan:  
nguni't magsusugo ako ng apoy sa kani-  
yang mga ciudad, at susupukin noon ang  
mga kuta noon.

**9** Huag kang magalak, Oh Israel, na  
gaya ng mga bayan; sapagka't ikaw  
ay nakiapid na humiwalay sa iyong Dios,  
iyong sibinta ang upa sa bawa't giikan. **2**  
Ang giikan at ang alilisan ng uvas ay  
hindi magpapakain sa kanila, at ang  
bagong alak ay magbubulaan sa kaniya. **3**  
Sila'y hindi tatahan sa lupain ng PA-  
NGINOON; kungdi ang Efraim ay babalik  
sa Egipto, at sila'y kakain ng maruming  
pagkain sa Asiria. **4** Sila'y hindi mag-  
bubuhos ng mga handog na alak sa PANGI-  
NOON, o mga makalulugod man sa kaniya;  
ang kanilang mga hayin ay magiging sa  
kanila'y parang tinapay ng mananangis;  
lahat ng kumain noon ay mabahawa:  
sapagka't ang kanilang tinapay ay magi-  
ging para sa kanilang paglasa ng pag-  
kain; hindi papasok sa bahay ng PANGI-  
NOON. **5** | Ano ang inyong gagawin sa  
kaarawan ng dakilang pagpupulong, at sa  
kaarawan ng kapistahan sa PANGI-  
NOON? **6** Sapagka't, narito, sila'y nahihalay sa  
kagibaan, *gayon ma'y* pipisanin sila ng  
Egipto, sila'y ililibing ng Memfis: ang ka-  
nilang maligayang mga bagay na pilak ay  
mga aarin ng ortiga: mga tinik ang sasa  
kanilang mga dampa. **7** Ang mga kaara-  
wan ng pagdalaw ay dumating, ang mga  
kaarawan ng kagantilan ay dumating;  
malalaman ng Israel: ang profeta ay  
mangmang, ang lalaki na may espiritu ay  
ulol, dahil sa karamihan ng iyong kasam-  
an, at sapagka't ang poot ay malaki. **8**  
Ang Efraim ay bantay na kasama ng  
aking Dios: tungkol sa profeta, ay sila  
ng mangbibitag sa lahat ng kaniyang  
langsgan, at poot ay nasa bahay ng

kaniyang Dios. 9 Sila'y nagpakapahamanak na mainam, na gaya ng mga kaarawan ng Gibeá: kaniyang maaalala ang kanilang kasam-an, kaniyang dadalawin ang kanilang mga kasalanan. 10 Aking nasumpung-an ang Israel na parang uvas sa ilang; aking nakita ang inyong mga magulang na parang unang bunga sa puno ng bigos sa kaniyang unang kapanahunan: nguni't sila'y naparoon kay Baal-peor, at nagsitalaga sa mahalay na bagay, at naging kasuklamsuklam na gaya ng kanilang iniibig. 11 Tungkol kay Efraim, ang kanilang kaulalhatian ay lilipad na parang ibon: mawawalan ng panganganak at pagbubuntis, at paglililihi. 12 Baga man kanilang pinalalaki ang kanilang mga anak gayon ma'y aking babawaan sila, na walang maiwang tawo: oo, isa aba nila pagka ako'y humiwalay sa kanila! 13 Ang Efraim ay gaya ng aking makita ang Tiro, natatanim sa isang masayang lugar: nguni't ilalabas ng Efraim ang kaniyang mga anak sa mamamatay. 14 Bigyan mo sila, Oh PANGINOON: Anong iyong ibibigay? bigyan mo sila ng mga bahay-batang maaagasan at mga tuyong suso. 15 Lahat nilang kasam-an ay nasa Gilgal; doon nga'y kinapootan ko sila: dahil sa kasam-an ng kanilang mga gawa, akin silang palalayasin sa aking bahay: hindi ko na sila iibigin; lahat nilang pangulo ay mangugulo. 16 Ang Efraim ay nasugatan, ang kaniyang ugat ay natuyo, sila'y hindi magbubunga: oo бага man sila'y nanganak, gayon ma'y aking papatayin ang mahal na bunga ng kanilang bahay-bata. 17 Itatakuil sila ng aking Dios, sapagka't hindi nila dininig siya: at sila'y magiging gala sa gitna ng mga nasyon.

10 Ang Israel ay isang mayabong na puno ng uvas, na naglalabas ng kaniyang bunga: ayon sa karamihan ng kaniyang bunga kaniyang pinarami ang kaniyang mga altar; ayon sa kabutihán ng kaniyang lupain ay gumawa sila ng mga mainam na haligi. 2 Ang kanilang mga puso ay nabati; ngayo'y masusumpungan silang salarin: kaniyang ibabagsak ang kanilang mga altar, kaniyang sasamsamin ang kanilang mga haligi. 3 Walang pagsalang ngayo'y kanilang sasabihing: Kami ay walang hari: sapagka't kami ay hindi natatakot sa PANGINOON; at ano ang magagawa ng hari sa atin? 4 Sila'y nagsasalita ng mga

walang kabuluhang salita, na sumumpa ng di totoo sa paggawa ng mga tipan: kaya't ang kahatulan ay sumisibol na parang cicuta sa mga bungkal sa parang. 5 Ang mga mananahan sa Samaria ay malalagay sa pangngilabot dahil sa mga guya ng Bet-haven: sapagka't ang bayan noon ay tatangis doon, at ang mga sacerdote noon na nagagalak doon, dahil sa kaulalhatian noon, sapagka't nawala doon. 6 Dadalhin din naman sa Asiria na pinakakaloob sa haring Jareb: ang Efraim ay tatanggap ng kahihiyang, at ang Israel ay mapapahiya sa kaniyang saringling payo. 7 Tungkol sa Samaria, ang kaniyang hari ay nahiwalay, na parang bula sa tubig. 8 Ang mataas na lugar naman ng Aven, ang kasalanan ng Israel ay magigiba: ang mga tinik at mga dawag ay sisibol sa kanilang mga altar; at sila'y magsasabi sa mga bundok: Takpan mo kami; at sa mga brol: Mahulog ka sa amin. 9 Oh Israel, ikaw ay nagkasala mula sa mga kaarawan ng Gibeá: doon sila tumayo; na ang pagbabaka laban sa mga anak ng kasam-an ay hindi aabot sa kanila sa Gibeá. 10 Pagka aking nasa, aking parurusahan sila; at ang mga bayan ay magpipisan laban sa kanila, pagka sila'y nagapos ko sa kanilang dalawang pagsalangsang. 11 At ang Efraim ay isang guyang baka na tinuruan, na maibigin sa pagtiik; nguni't aking pinararaan ang pamatok sa kaniyang magandang leeg: ako'y maglalagay ng isang mananakay sa Efraim; magbukid ang Juda, dudurugin ng Jakob ang kaniyang mga bugal. 12 Maghasik kayo sa inyong sarili sa kabanalan, gumapas kayo ayon sa kaawaan; sirain ninyo ang inyong pinabayaang bukirán: sapagka't panahon na hanapin ang PANGINOON, hangang sa siya'y dumating, at magturo ng kabanalan sa inyo. 13 Kayo'y naghasik ng kasam-an, kayo'y umani ng kasam-an; kayo'y kumain ng bunga ng kabulaanan: sapagka't ikaw ay umasa sa iyong lakad, sa karamihan ng iyong mga makapangyarihang lalaki. 14 Kaya't magbabangon ang isang kagulo sa iyong mga bayan, at lahat ng iyong mga katibayan ay masasamsam, na gaya ni Salman na sumamsam sa Bet-arbel sa kaarawan ng pagbabaka: ang ina ay pinagpirapiraso na kasama ng kaniyang mga anak. 15 Gayon ang gagawin ng Bet-el sa inyo dahil sa inyong malaking kasam-an: sa pagbukukang liwayway,

ang hari sa Israel ay lubos na mahihitalay.

**11** Ng ang Israel ay bata, akin n'ang minamahal siya, at tinawag kong aking anak mula sa Egipto. **2** Kong paanong sila'y tinawag ng mga profeta, gayon sila humiwalay sa kanila: sila'y naglahayin sa mga Baal, at nagsusunog ng mga kamayan sa mga larawang hinichurahan. **3** Gayon ma'y aking tinuruan ang Efraim na lumakad; aking mga inalalayan sa aking mga kamay; nguni't hindi nila kinilala na aking pinagaling sila. **4** Aking silang pinatubayan ng mga tali ng tawo, ng mga panali ng pag-ibig, at ako'y naging sa kanila'y parang nag-aalis ng pamatok sa kanilang mga pang'a, at ako'y naglagay ng pagkain sa harap nila. **5** Siya'y hindi babalik sa lupain ng Egipto; kungdi ang taga Asiria ay magiging kaniyang hari, sapagka't sila'y tumanging magbalik-loob. **6** At ang tabak ay lalagpak sa kaniyang mga ciudad; at susupukin ang kaniyang mga nayon, at lalamunin sila, dahil sa kanilang saringling mga payo. **7** At ang aking bayan ay nakikiling ng pagtalikod sa akin: бага man kanilang tinatawag siya na nasa itaas, walang lubos na magtaas sa kaniya. **8** Paanong pababayaan kita, Efraim? paanong ibibigay kita, Israel? paanong gagawin kitang parang Adma? paanong ilalagay kitang parang Zeboim? ang aking puso ay nagbalik sa loob ko, ang aking mga habag ay nag-alab. **9** Hindi ko gagawin ang kabangisan ng aking galit, hindi ako babalik upang gibain ang Efraim: sapagka't ako'y Dios, at hindi tawo; Santo sa gitna mo: at hindi ako paririto sa galit. **10** Sila'y lalakad na susunod sa PANGINOON, na siyang aangal, na parang leon: sapagka't siya'y aangal, at ang mga anak ay darating na nannginginig na mula sa kalunuran. **11** Sila'y darating na nannginginig na parang ibon na mula sa Egipto, at parang kalapati na mula sa lupain ng Asiria: at aking patatahanin sila sa kanilang mga bahay, sabi ng PANGINOON.

**12** Kinukulong ako ng Efraim sa palibot ng kabulaanan, at ng bahay ng Israel ng pagdaraya: nguni't ang Juda'y nagpupuno pang kasama ng Dios, at tapat na kasama ng Santo.

**12** Ang Efraim ay kumakain ng hangin, at sumusunod sa hangng silanganan: siya'y namamalaging nagpaparami ng

mga kabulaanan at kagibaan; at sila'y gumagawa ng tipan sa Asiria, at ang langis ay dinadala sa Egipto. **2** Ang PANGINOON ay may pakikipagkaalit din sa Juda, at parurusahan niya ang Jakob ayon sa kaniyang mga lakad; ayon sa kaniyang mga gawa ay gayon gagantihan niya siya. **3** Sa bahay-bata ay kaniyang linawakan sa talampakan ang kaniyang kapatid; at sa kaniyang kabinataan ay nanaig sa Dios: **4** oo, siya'y nagkaroon ng kapangyarihan sa angel, at nanaig: siya'y umiyak, at namanhik sa kaniya: nasumpungan niya siya sa Bet-el, at doo'y nagsalita siya sa atin: **5** ang PANGINOON, ang Dios ng mga hukbo; ang PANGINOON ay kaniyang alaala. **6** Kaya't magbalik-loob ka sa iyong Dios: mag-ingat ka ng kaawaan at ng kahatulan, at maghintay ka sa iyong Dios na palagi.

**7** Mangangalalak na may timbangang magdaraya sa kaniyang kamay, maibigin ng pagpighati. **8** At sinabi ng Efraim: Tunay na ako'y naging mayaman, ako'y nakasumpung sa akin ng kayamanan; sa lahat ng aking gagawin, walang masumpungan sila sa akin na o kasalanan man kasam-an. **9** Nguni't ako ang PANGINOON na iyong Dios mula sa lupain ng Egipto; akin pa kitang patatahanin uli sa mga dampa, gaya sa mga kaarawan ng dakilang kapistahan. **10** Ako naman ay nagsalita sa mga profeta, at ako'y nagparami ng mga malikmata; at sa pamamahala ng mga profeta ay gumamit ako ng mga pagkawangis. **11** Ang Gilead ba'y kasam-an? sila'y pawang walang kabuluhan; sa Gilgal ay nagbahayin sila ng mga guyang toro: oo, ang kanilang mga altar ay parang mga buntan sa mga bungkal sa bukid. **12** At si Jakob ay tumakas na napatungo sa parang ng Aram, at naglingkod si Israel dahil sa isang asawa, at dahil sa isang asawa ay nag-alaga ng mga tupa. **13** At sa pamamag-itan ng isang profeta ay isinampa ng PANGINOON ang Israel mula sa Egipto, at sa pamamag-itan ng isang profeta siya'y nainngatan. **14** Ang Efraim ay namangkabi ng galit na napakapait: kaya't ang kaniyang dugo ay maiwan sa kaniya, at ibabalik ng kaniyang Panginoon sa kaniya ang kakutyuan sa kaniya.

**13** Ng ang Efraim ay nagsasalita, ay nannginginig; siya'y nagpapakalaki sa kaniyang sarili sa Israel:

nguni't nã siya'y magalit tungkol kay Baal ay namatay siya. 2 At ngayo'y nagkakasala sila nã higit at higit, at gumawa sila sa kanila nã mga larawang binubo sa kanilang pilak, mga idolo na ayon sa kanilang pagkakilala, lahat nã yaon ay gawa nã mangagawa: sinasabi nila tungkol sa mga yaon: Ang tawo na naghahayin ay humalik sa mga guya. 3 Kaya't sila'y magiging parang alapaap sa umaga, at parang hamog na nawa-walang maaga, na parang dayami na tinatangay nã ipoipo mula sa giikan, at gaya nã usok na lumalabas sa butas. 4 Gayon may ako ang PANGINOONG iyong Dios mula sa lupain nã Egipto; at wala kang makikilalang Dios kungdi ako, at liban sa akin ay walang manligtas. 5 Nakilala kita sa ilang, sa lupain nã malaking katnyuan. 6 Ayon sa pasabsaban sa kanila gayon sila nabusog; sila'y nabusog, at ang kanilang puso ay nagmalaki: kaya't kinalinutan nila ako. 7 Kaya't ako'y magiging parang leon sa kanila: parang leopardo na ako'y magbabantay sa tabi nã daan: 8 aking sasalubungin na parang oso na ninakawan nã kaniyang mga anak, at aking gagalusan ang balat nã kanilang puso, at doo'y lalamunin ko silang parang leon; lalapain sila nã mabangis na hayop. 9 Siyang iyong kagibaan, Oh Israel, na ikaw ay laban sa akin, laban sa iyong katulong. 10 ¿Saan nandoon ngayon ang iyong hari upang mailigtas ka niya sa lahat nã iyong mga ciudad? ¿at ang iyong mga hukom, na iyong pinagsasabihang, Bigyan mo ako nã hari at mga pangulo? 11 Aking binigyan kita nã hari sa aking kagalitan, at inalis ko siya sa aking galit. 12 Ang kasam-an nã Efraim ay nabibilot; ang kaniyang kasalanafi ay natatago. 13 Ang mga kapaulawan nã pagdaramdamin nã babaye ay darating sa kaniya: siya'y hindi pantas na anak; sapagka't panahon na hindi siya marapat maghintay sa lugar nã paglabas nã mga anak. 14 Aking tutubusin sila mula sa kapangyarihan nã libingan; aking tutubusin sila mula sa kamatayan: Oh kamatayan, ¿saan nandoon ang iyong salot? Oh libingan, ¿saan nandoon ang iyong paggiba? pagsisisi ay matatago mula sa aking mga mata. 15 Baga man siya'y mabunga sa kaniyang mga kapatid, isang hangging

silangawan ay darating, ang hinga nã PANGINOON ay sumasampa mula sa ilang, at ang kaniyang bukal ay magiging tuyo, at ang kaniyang balon ay matutuyo: kaniyang sasamsamin ang kayamanan nã lahat na maligayang kasangkapan. 16 Dadalhin nã Samaria ang kaniyang sala; sapagka't siya'y nanghimagsik laban sa kaniyang Dios: sila'y mabubual sa pamamagitan nã tabak; ang kanilang mga sangol ay malalapa, at ang kanilang mga buntis ay malulua ang bituka.

14 Oh Israel, magbalik-loob ka sa PANGINOONG iyong Dios; sapagka't ikaw ay nabual dahil sa iyong kasam-an. 2 Magdala kayo nã mga salita, at magbalik-loob kayo sa PANGINOON: sabihin ninyo sa kaniyang: Alisin mo ang lahat na kasam-an, at tangapin mo ang mabuti: sa gayo'y aming ilalagak na parang mga toro ang *handog* nã aming mga labi. 3 Hindi kami iiligtas nã Asiria; kami ay hindi sasakay sa mga kabayo: o magsasabi pa man kami sa gawa nã aming mga kamay: *kayo'y* aming mga dios; sapagka't dahil sa iyo'y nakakasumpung nã kaawaan ang ulila. 4 Aking gagamutin ang kanilang pagtalikod, aking silang iibiging may kalayaan; sapagka't ang aking galit ay humiwalay sa kaniya. 5 Ako'y magiging parang hamog sa Israel: siya'y bubukang parang lila, at kakalat ang kaniyang ugat na parang Lebano. 6 Ang kaniyang mga sangay ay yayabong, at ang kaniyang kagandahan ay magiging parang puno nã olivo, at ang kaniyang bango ay parang Lebano. 7 Silang tumatahan sa ilalim nã kaniyang lilim ay magbabatik; sila'y mabubuhay uling parang trigo, at mamumulaklak na parang puno nã uvas: at ang amoy ay magiging parang alak nã Lebano. 8 Ang Efraim ay *magsasabing*, ¿Ano pa ang aking gagawin sa mga idolo? Ako'y sasagot, at aking haalatain siya: ako'y gaya nã sariwang abeto; mula sa akin ay nasusumpungan ang iyong bunga. 9 ¿Sino ang pantas at siya'y makakaalam nã mga bagay na ito? at ¿mabait, at kaniyang mga malalaman? sapagka't ang mga daan nã PANGINOON ay matuid, at mga lalakaran nã banal; nguni't kabubualan nã mananalangang.

# JOEL.

**1** Ang salita ng PANGINOON na dumating kay Joel na anak ni Petuel.

**2** Dingin ninyo ito, ninyong mga matanda, at pakingan ninyo, ninyong lahat na mananahan sa lupain. *¿Nagkaroon ba nito sa inyong mga kaarawan o sa mga kaarawan ng inyong mga magulang?*

**3** SAYSAYIN ninyo sa inyong mga anak, at *saysayin* ng inyong mga anak sa kanilang mga anak, at ng kanilang mga anak sa susunod na lahi. **4** Ang iniwan ng balang gazam, ay kinain ng balang arbel; at ang iniwan ng balang arbel ay kinain ng balang yelek; at ang iniwan ng balang yelek ay kinain ng balang chasil. **5** Bumangou kayo, kayong mga lasing, at kayo'y umiyak; at umangal kayo, kayong lahat na mangingin-m ng alak, dahil sa matamis na alak; sapagka't nahiwalay sa inyong bibig. **6** Sapagka't isang nacion ay sumampa sa aking lupain, malakas at walang bilang; ang kaniyang mga ngipin ay mga ngipin ng leon, at siya'y may bagang ng malaking leon. **7** Kaniyang sinira ang aking puno ng uvas, at niwasak ang aking puno ng higos: kaniyang tinalupang malinis at iniliagis; ang mga sangha noo'y naging maputi. **8** Managhoy ka na gaya ng dalagang nabibigkisan ng kayong magaspang dahil sa asawa; ng kaniyang kadalagahan. **9** Ang handog na harina at ang inuming handog ay nahiwalay sa bahay ng PANGINOON; ang mga sacerdote, ang mga tagapamahala ng PANGINOON, tumatangis. **10** Ang bukid ay sira, ang lupain ay tumatangis; sapagka't ang trigo ay sira, ang bagong alak ay tuyo, ang langis ay umaanta. **11** Kayo'y mahiya, Oh kayong mga mangbubakid, kayo'y umangal, Oh kayong mga mag-uvas, dahil sa trigo at dahil sa cebada; sapagka't ang pag-aani sa bukid ay nawala. **12** Ang puno ng uvas ay natuyo, at ang puno ng higos ay nalakanta; ang puno ng granada, ang puno ng palina ay gayon din, at ang puno ng manzana, laliat ng puno ng kahoy sa parang ay tuyo: sapagka't ang kagalakan ay nawala sa mga anak ng mga tawo. **13** Mangagbigkis kayo ng kayong magaspang, at managhoy kayong mga sacerdote; umangal kayo, kayong mga tagapamahala sa

altar; halikayo, mahiga kayo boong gabi sa kayong magaspang, kayong mga tagapamahala ng aking Dios: sapagka't ang handog na harina at ang inuming handog ay nahiwalay sa bahay ng inyong Dios. **14** Maghayag kayo ng ayuno, tumawag kayo ng isang dakilang kapi-sanan, inyong pisanin ang mga matanda at ang lahat na mananahan sa lupain sa bahay ng PANGINOON ng inyong Dios, at kayo'y dumaing sa PANGINOON. **15** *¿Sa aba ng araw!* sapagka't ang kaarawan ng PANGINOON ay malapit na, at darating na parang kagibaan na mula sa Makapangyarihan-sa-lahat. **16** *¿Hindi ba ang pagkain ay nahiwalay sa ating mga mata, oo, ang kagalakan at ang kasayahan ay nahiwalay sa bahay ng ating Dios?* **17** Ang mga binhi ay nabubulok sa kanilang bugal; ang mga kamalig ay giba, ang mga imbakan ay bagsak; sapagka't ang trigo ay natuyo. **18** *¿Ganiyan na lamang ang ungal ng mga hayop!* ang mga bakahang kawan ay natitigilan, sapagka't wala silang sabsabin; oo, ang mga kawan ng tupa ay nangasira. **19** Oh PANGINOON, sa iyo'y dumadaing ako: sapagka't sinupok ng apoy ang mga sabsabin sa ilang, at sinunog ng liab ang lahat na punong kahoy sa parang. **20** Oo, ang mga hayop sa bukid ay umungal sa iyo: sapagka't ang mga batis ng tubig ay natuyo, at sinupok ng apoy ang mga sabsabin sa ilang.

**2** Hipan ninyo ang pakakak sa Zion, at kayo'y magkaingay sa aking santong bundok; manginig ang lahat na mananahan sa lupain: sapagka't ang kaarawan ng PANGINOON ay dumarating, sapagka't malapit na; **2** araw ng kadiliman at ng pagkukulimlim, araw ng mga alapaap at ng pagsasalimuot ng dilim; gaya ng liwayway na namumukadkad sa mga bundok; isang malaking bayan at matibay, hindi nangyari kailan man ang gaya nito, o magkakaroon pa man pagkatapos ng mga yaon, hangang sa mga taon ng malaong panahon. **3** Isang apoy ang sumusupok sa harap nila; at sa likuran nila'y isang liab ang sumusunog: ang lupain ay gaya ng halamanan sa Eden sa harap nila, at sa likuran nila'y isang

sirang ilang; oo, at walang nakatauanan sa kanila. **4** Ang hichura nila ay gaya ng hichura ng mga kabayo; at kung paano ang mga mangangabayo gayon sila tumatakbo. **5** Gaya ng ingay ng mga karro sa mga taluktok ng mga bundok lumuluko sila, gaya ng hugong ng liab ng apoy na sumusupok sa dayami, gaya ng isang matibay na bayan na humahanay sa pagbabaka. **6** Sa kanilang harap ang mga bayan ay nag'adalambhati: lahat ng mukha ay namunutla. **7** Sila'y tumatakbong parang makapang-yarihang mga lalaki; kanilang pinaglalambitinan ang kuta na parang mga lalaking pangbaka; at sila'y lumalakad baw't isa ng kaniyang mga lakad, at hindi nila binabago ang kanilang mga hanay. **8** O nagtutulakan mang isa't isa; sila'y lumalakad baw't isa sa kani-kaniyang landas: at sila'y dadaluhong sa mga sandata, at hindi sila malalansag. **9** Kanilang niluluko ang ciudad; kanilang tinatakbo ang kuta; kanilang pinaglalambitinan ang mga bahay; sila'y pumapasok sa mga dungawan na parang magnanakaw. **10** Ang lupa ay lumilindot sa harap nila; ang mga langit ay nanginiging: ang araw at ang buwan ay nagdilim, at itinigil ng mga bituin ang kanilang kislap: **11** at pinatutunog ng PANGINOON ang kaniyang voces sa harap ng kaniyang kawal; sapagka't ang kaniyang kamento ay totoong malaki; sapagka't malakas na gumagawa ng kaniyang salita: sapagka't ang kaaraan ng PANGINOON ay malaki at totoong kikalilabot; at ¿sinong makatatahan? **12** Gayon ma'y ngayon, sabi ng PANGINOON, magbalik-loob kayo sa akin ng inyong boong puso, na may pag-aayuno at may pag-iyak, at may pagtangis: **13** at hapakin ninyo ang inyong puso, at huag ang inyong mga damit, at kayo'y magbalik-loob sa PANGINOONG inyong Dios: sapagka't siya'y maawain at puspos ng kahabagan, banayal sa pagkagalit at sagana sa kaawaan, at nagsisisi siya sa kasam-an. **14** ¿Sinong nakakaalam kung siya'y hindi magbalik-loob at nagsisisi, at mag-iwan ng isang basbas sa likuran niya, ng handog na harina, at ng inuming handog sa PANGINOONG inyong Dios? **15** Hipan ninyo ang pakakak sa Zion, mangililn kayo ng isang ayuno, tumawag kayo ng isang dakilang kapisanan: **16** pisanin ninyo ang bayan, magdiwang ang kapulungan, pisanin ang mga matanda,

pasanin ang mga bata, at yaong mga pasusuhin: lumabas ang novio sa kaniyang silid, at ang novia sa kaniyang silid. **17** Umiyak ang mga sacerdote, ang mga tagapamahala ng PANGINOON, sa pagitan ng malaking pintuan at ng altar, at kanilang sabihing: Maawa ka sa iyong bayan, Oh PANGINOON, at huag moung ibigay ang iyong bayan sa kakutyanaan; na ang mga nacion ay magpuno sa kanila: ¿bakit kanilang sasabihin sa gitna ng mga bayang: Saan nandoon ang kanilang Dios?

**18** Ng magkagayo'y ang PANGINOON ay naging masakap sa kaniyang lupain, at nahabag sa kaniyang bayan. **19** At ang PANGINOON ay sumagot, at nagsabi sa kaniyang bayang: Narito, ako'y magsusugo sa inyo ng trigo, at alak, at langis, at inyong kabubusugan: at hindi ko na gagawin pa kayo na kakutyaan sa gitna ng mga nacion: **20** kungdi aking ihihitalay na malayo sa inyo ang kaaway sa hilagaan, at aking itataboy siya sa isang lupaing tuyo at sira, ang kaniyang panguna'y sa dagat silangnanan, at ang kaniyang pinakahuling bahagi ay sa dagat kalunuran; at ang kaniyang baho ay aalingasaw, at ang masamang amoy ay lilanglang, sapagka't siya'y gumawa ng mga dakilang bagay. **21** Huag kang matakot, Oh lupain, ikaw ay matua at magalak; sapagka't ang PANGINOON ay gumawa ng dakilang mga bagay. **22** Kayo'y huag matakot, kayong mga hayop sa parang; sapagka't ang mga sabsabin sa ilang ay sumisibol, sapagka't ang puno ng kahoy ay nagbubunga, ang puno ng higos at ang puno ng uvas ay naglabas ng kanilang lakas. **23** Kayo nga'y matua, kayong mga anak ng Zion, at magalak sa PANGINOONG inyong Dios: sapagka't kaniyang ibinibigay sa inyo ang maagang ulan sa tapat na sukat, at kaniyang pinaalagpak ang ulan dahil sa inyo, ang maagang ulan at ang tanghaling ulan, sa unang buan. **24** At ang mga lapag ay mapupuno ng trigo, at ang mga kamalig ay aapaw ng alak at langis. **25** At aking isasauli sa inyo ang mga taon na kinain ng balang arbeh, ng balang yelek, ng balang chasil, at ng balang gazare, na aking malaking kawal, na aking sinugo sa gitna ninyo. **26** At kayo'y kakain na sagana, at mabubusog, at inyong pupurihin ang pangalan ng PANGINOONG inyong Dios, na gumawa ng kababalaghan sa inyo: at ang aking bayan ay hindi mahi-

hiya kailan man. **27** At inyong malalaman na ako'y nasa gitna ng Israel, at ako ang PANGINOONG inyong Dios, at wala ng iba: at ang aking bayan ay hindi mahihila magpakailan man.

**28** At mangyayari pagkatapos, na aking ibubuhos ang aking espiritu sa lahat ng laman; at ang inyong mga anak na lalaki at babaye ay mangluhula, ang inyong mga matanda ay managinip ng mga panaginip, ang inyong mga binata ay makakakita ng mga malikmata: **29** at sa mga aliping lalaki at babaye naman ay aking ibubuhos ang aking espiritu sa mga araw na yaon. **30** At ako'y magpapakita ng mga kababalaghan sa mga langit at sa lupa, na dugo, at apoy, et mga haliging usok. **31** Ang araw ay magiging kadiliman, at ang buan ay dugo, bago dumating ang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng PANGINOON. **32** At mangyayari na sino mang tumawag sa pangalan ng PANGINOON ay maliligtas: sapagka't sa bundok ng Zion at sa Jerusalem doroon yaong mga nakatataanan, gaya ng sinabi ng PANGINOON, at sa mga nalabi ay yaon mga tinatawag ng PANGINOON.

**3** Sapagka't, narito, sa mga kaarawang yaon, at sa panahong yaon, pagka aking ibabalik ang pagkabihag ng Juda at ng Jerusalem, **2** aking pipisanin ang lahat na nasyon, at aking mga ibababa sa libis ni Tehosafat; at ako'y makikipagkaalit sa kanila doon dahil sa aking bayan at dahil sa aking manang Israel, na kanilang pinangalat sa mga nasyon, at binahagi ang aking lupain. **3** At kanilang pinagsapalarang laro ang aking bayan: at kanilang ibinigay ang isang batang lalaki sa lugar ng isang dalahira, at ipinagbili ang isang batang babaye dahil sa alak, upang sila'y makainom. **4** Oo, at ano kayo sa akin, Oh Tiro, at Zidon at boong lupain ng Filistia? Gagantihin ba ninyo ako? at kung ako'y inyong gantihan, maliksi at madali na aking ibabalik ang inyong kagantihan sa inyong sariling ulo. **5** Sa paraang inyong kinuha ang aking pilak at aking giuto, at inyong dinala sa inyong mga templo ang aking mainam at maligayang mga bagay; **6** ang mga anak naman ng Juda at ang mga anak ng Jerusalem ay inyong ipinagbili sa mga anak ng mga taga Grecia, upang inyong mailayo sa kanilang hanganan: **7** narito, aking ititindig sila sa lugar na inyong pinagbilhan sa

kanila, at aking ibabalik ang inyong kagantihan sa inyong sariling ulo; **8** at aking ipagbibili ang inyong mga anak na lalaki at babaye sa kamay ng mga anak ni Juda, at ipagbibili nila sila sa mga Seba, sa isang nacióng malayo: sapagka't sinalita ng PANGINOON.

**9** Ihayag ninyo ito sa mga nacióng kayo'y maghanda ng pagbabaka: pasiglahin ninyo ang mga makapangyarihang lalaki; lumapit ang lahat na lalaking pang-baka, sila'y magsisampa. **10** Gawin ninyong mga tabak ang inyong mga pangbukid, at mga sibat ang inyong mga karit: magsabi ang mahinang: Ako'y malakas. **11** Kayo'y magmadali, at pumarito kayong lahat na mga nacióng sa palibot, at magpipisan kayo: iyong pabubain doon ang iyong mga makapangyarihan, Oh PANGINOON. **12** Magsisising, at magsisampa ang mga nacióng sa libis ni Tehosafat: sapagka't doo'y uupo ako upang hatulan ang lahat na nacióng sa palibot. **13** Isaksak ninyo ang karit, sapagka't ang aanihin ay hinog na: kayo'y parito, at yumapak; sapagka't ang alhisan ng alak ay puno, ang kamalig ng alak ay umaapaw, sapagka't ang kanilang kasaman ay malaki. **14** Mga karamihan, mga karamihan sa libis ng pagpapatuloy! sapagka't ang kaarawan ng PANGINOON ay malapit na sa libis ng pagpapatuloy. **15** Ang araw at ang buan ay nagdilim, at pinigil ng mga bituin ang kanilang kislap. **16** At ang PANGINOON ay aangat mula sa Zion, at palalakasin ang kaniyang voces mula sa Jerusalem; at ang mga langit at ang lupa ay lilindol: ngunit ang PANGINOON ay magiging silungán sa kaniyang bayan, at katibayan sa mga anak ng Israel. **17** Sa gayo'y inyong makikilala na ako ang PANGINOONG inyong Dios, na tumatahan sa Zion, na aking santong bundok: kung magkagayo'y magiging santo ang Jerusalem, at hinii na daraan pa ang mga taga ibang lupa. **18** At mangyayari sa araw na yaon, na ang mga bundok ay tutuluan ng matamis na alak, at ang mga burol ay aagusan ng gatas, at ang lahat na batis ng Juda ay aagusan ng mga tubig; at isang bukal ay lalabas sa bahay ng PANGINOON, at didiligin ang libis ng Sitim. **19** Ang Egipto ay magiging kabigaban, at ang Edom ay magiging ilang na giba, dahil sa kadahasang ginawa sa mga anak ng Juda, sapagka't sila'y nagbubo ng



walang salang dugo sa kanilang lupain.  
**20** Ngunit ang Juda'y tatahan magpakailan man, at ang Jerusalem ay sa boong

parahon. **21** At aking lilinis ang kanilang dugo na hindi ko nilinis: sapagka't ang PANGINOON ay tumatahan sa Zicu.

## AMOS.

**1** Ang mga salita ni Amos na nasa gitna ng mga pastor sa Tekoa, na nakakita ng tungkol sa Israel, ng mga kaarawan ni Uzias na hari sa Juda, at ng mga kaarawan ni Jeroboam na anak ni Joas na hari sa Israel, na dalawang taon bago dumating ang lindol.

**2** At kaniyang sinabing: Ang PANGINOON ay aangal mula sa Zion, at sisigaw ng kaniyang voces mula sa Jerusalem; at ang mga sabsaban ng mga pastor ay tatangis, at ang taluktok ng Karmel ay matutuyo.

**3** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Dahil sa tatlong pagsalangsang ng Damasko, oo, dahil sa apat, hindi ko ihihiwalay ang kaparusahan niya; sapagka't sila'y gumalik sa Gilead ng pangilik na bakal: **4** ngunit aking susuguin ang isang apoy sa loob ng bahay ni Hazael, at susupukin noon ang mga palacio ni Ben-hadad. **5** At aking iwawasak ang pangtrangka ng Damasko, at aking ihihiwalay ang mananahan mula sa libis ng Aven, at niya na humahawak ng cetro mula sa bahay ng Eden: at ang bayan ng Syria ay papasok sa pagkabiha hangang sa Kir, sabi ng PANGINOON.

**6** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Dahil sa tatlong pagsalangsang ng Gaza, oo, dahil sa apat, hindi ko ihihiwalay ang kaparusahan niya; sapagka't kanilang dinalang biha ang boong bayan, upang mga ibigay sa Edom: **7** ngunit ako'y magsusugo ng apoy sa kuta ng Gaza, at mga susupukin noon ang mga palacio noon: **8** at aking ihihiwalay ang mananahan mula sa Asdod, at siya na humahawak ng cetro mula sa Askelon; at aking ibabalik ang aking kamay laban sa Ekron, at ang nalabi sa mga Filisteo ay malilipol, sabi ng Panginoong DIOS.

**9** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Dahil sa tatlong pagsalangsang ng Tiro, oo, dahil sa apat, hindi ko ihihi-

walay ang kaparusahan niya; sapagka't kanilang ibinigay ang boong bayan sa Edom, at hindi inalala ang tipang pagkakapatid: **10** ngunit aking susuguin ang isang apoy sa kuta ng Tiro, at susupukin noon ang mga palacio noon.

**11** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Dahil sa tatlong pagsalangsang ng Edom, oo, dahil sa apat, hindi ko ihihiwalay ang kaparusahan niya; sapagka't hinabol niya ang kaniyang kapatid ng tabak, at ipinagkait ang boong babag, at ang kaniyang galit ay lubos na lumilipol, at iningatan niya ang kaniyang pag-iinit magpakailan man: **12** ngunit magsusugo ako ng isang apoy sa Teman, at susupukin noon ang mga palacio ng Bozra.

**13** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Dahil sa tatlong pagsalangsang ng mga anak ng Ammon, oo, dahil sa apat, hindi ko ihihiwalay ang kaparusahan noon; sapagka't kanilang pinalua ang bituka ng mga babayeng buntis sa Gilead, upang kanilang mapalapad ang kanilang hanganan: **14** ngunit aking papagningasin ang isang apoy sa kuta ng Rabba, at susupukin noon ang mga palacio noon, na may sutsutan sa kaarawan ng pagbaba, na may bagyo sa kaarawan ng ipoipo: **15** at ang kanilang hari ay papasok sa pagkabiha, siya at ang kaniyang mga pangulo na magkakasama, sabi ng PANGINOON.

**2** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Dahil sa tatlong pagsalangsang ng Moab, oo, dahil sa apat, hindi ko ihihiwalay ang kaparusahan noon; sapagka't kaniyang sinunog ang mga buto ng hari sa Edom na pinapaging apog: **2** ngunit ako'y magsusugo ng apoy sa Moab, at susupukin noon ang mga palacio ng Kiriote; at ang Moab ay mamamatay na may kaingay, may sutsutan, at may tunog ng pakakak: **3** at aking ihihi-

walay ang hukom sa gitna noon, at papatayin ko ang lahat na pangulo noon na kasama niya, sabi ng PANGINOON.

**4** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Dahil sa tatlong pagsalangsang ng Juda, oo, dahil sa apat, hindi ko ihihiwalay ang kaparusahan niya; sapagka't kanilang itinakuil ang kautusan ng PANGINOON, at hindi iningatan ang kaniyang mga palatuntunan, at iniligaw sila ng kanilang mga bulaan, ayon sa mga inilakad ng kanilang mga magulang: **5** nguni't magsusugo ako ng apoy sa Juda, at susupukin noon ang mga palacio ng Jerusalem.

**6** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Dahil sa tatlong pagsalangsang ng Israel, oo, dahil sa apat, hindi ko ihihiwalay ang kaparusahan niya; sapagka't kanilang ipinagbili ang banal dahil sa pilak, at ang mapagkailangan sa dalawang paang panyapak: **7** na iniimbob pati ng alabok sa lupa na nasa ulo ng dukha, at inililito ang lakad ng maano: at ang isang lalaki at ang kaniyang ama ay sumisiping sa isang dalaga, upang dumhan ang aking santong pangalan: **8** at sila'y nahihiga sa tabi ng lahat na altar, sa ibabaw ng mga kasuotang sanla, at sa bahay ng kanilang Dios ay umiinom ng alak ng mga naparusahan. **9** Gayon ma'y nilipol ko ang Amorreo sa harap nila, na ang taas ay gaya ng taas ng mga cedro, at siya'y malakas na gaya ng mga encina; gayon ma'y nilipol ko ang kaniyang bunga sa itaas, at ang kaniyang mga ugat sa ilalim. **10** Isinampa ko rin kayo sa lupain ng Egipto, at inilagay ko kayong apat na puong taon sa ilang, upang arin ninyo ang lupain ng Amorreo. **11** At nagbangon ako sa inyong mga anak ng mga profeta, at sa inyong mga binata ng mga Nazareo. *¿* Di ba gayon, Oh kayong mga anak ng Israel? sabi ng PANGINOON. **12** Nguni't binigyan ninyo ang mga Nazareo ng alak na mainom; at inutusan ninyo ang mga profeta, na sinabing, Huag kayong manghula. **13** Narito, aking pipiglatiin kayo sa inyong lugar, na gaya ng isang karrong nahuhutok na puno ng mga bigkis. **14** At ang pagtakas ay mapapawi sa matulin, at ang malakas ay hindi makakaasa sa kaniyang kalakasan, o ang makapangyarihan man ay makapagliligtas sa sarili: **15** o makatiindig man siyang humahawak ng bosog; at siyang matulin sa paa ay hindi makaliligtas: o siya mang

nakasakya sa kabayo ay makaliligtas: **16** at siya na matapang sa mga makapangyarihan ay tatakas na hubad sa araw na yaon, sabi ng PANGINOON.

**3** Dingin ninyo ang salitang ito na sinalita ng PANGINOON laban sa inyo, Oh mga anak ng Israel, laban sa boong sambayanan na aking isinampa mula sa lupain ng Egipto, na sinabing: **2** Kayo lamang ang aking nakilala sa lahat ng sambayanan sa lupa: kaya't aking dadalawin sa inyo ang lahat ninyong kasam-an. **3** *¿* Makalalakad ba ang dalawa na magkasama, liban sa sila'y magkaalam? **4** *¿* Uungal ba ang leon sa gubat, kung wala siyang huli? *¿* isisigaw ba ang batang leon sa kaniyang yungib, kung wala siyang huling ano man? **5** *¿* Malalaglag ba ang ibon sa silo sa ibabaw ng lupa, ng walang silo para sa kaniya? *¿* lulukso ba ang silo mula sa lupa, at walang nahuling ano man? **6** *¿* Tutunog ba ang pakakak sa ciudad, at ang bayan ay hindi manginginig? *¿* magkakaroon ba ng kasam-an sa ciudad, at hindi ginawa ng PANGINOON? **7** Tunay na ang Panginoong Dios ay walang gagawin, kungdi kaniyang ihahayag ang kaniyang lihim sa kaniyang mga alipin na mga profeta. **8** Ang leon ay umungal, *¿* sinong di mata-takot? ang Panginoong Dios ay nagsalita, *¿* sinong hindi manghuhula?

**9** Ihalita ninyo sa mga palacio sa Asdod, at sa mga palacio sa lupain ng Egipto, at inyong sabihing: Magpipisan kayo sa mga bundukin ng Samaria, at inyong masdan kung anong laking ingay ang naudeon, at kung anong kapighatian ang nasa gitna noon. **10** Sapagka't hindi sila marunong gumawa ng matuid, sabi ng PANGINOON, na nag-iimbak ng pangdadahas at paganakaw sa kanilang mga palacio. **11** Kaya't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Kaaway ay paririto sa palibot ng lupain: at kaniyang ibabagsak ang lakas mo sa iyo, at ang iyong mga palacio ay masasamsaman. **12** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Kung paanong inaagaw ng pastor sa bibig ng leon ang dalawang liita o ang isang piraso ng tainga; gayon ililigtas ang mga anak ng Israel na nangatanupo sa Samaria sa sulok ng banig, at sa mga sulok ng hihiigan. **13** Dingin ninyo, at patotohanan ninyo laban sa bahay ng Jakob, sabi ng Panginoong Dios, ng Dios ng mga hukbo. **14** Sapagka't sa araw na

aking dadalawin ang mga pagsalangsang ng Israel sa kaniya, aking dadalawin din ang mga altar ng Bet-el, at ang mga sungay ng altar ay mahiliwalay, at malalaglag sa lupa. **15** At aking susugatan ang bahay na pangtag-inaw na kasabay ng bahay na pangtag-iuit; at ang mga bahay na garing ay magigiba, at ang mga malaking bakay ay magkaka-wakas, sabi ng PANGINOON.

**4** Dingin ninyo ang voces na ito, Oh mga baka sa Basan, na nangasa buodok ng Samaria, na pumipighati sa dukha, na gumigipit sa mga mapagkailangan, na nagsasabi sa kanilang mga panginoon: Dalhin ninyo *rito*, at ating inumin. **2** Ang Panginoong Dios ay sumumpa sa pamamagitan ng kaniyang kasantosan, na, narito, ang mga kaarawan ay darating sa inyo, na kanilang kukunin kayo ng mga taga, at ang nalabi sa inyo ng mga paminguit. **3** At kayo'y lalabas sa mga sira, na bawa't isa'y kasunod ng isa; at kayo'y magpapakahagis sa Harmon, sabi ng PANGINOON.

**4** Pumaroon ka sa Bet-el, at sumalangsang ka, sa Gilgal at paramihin ninyo ang pagsalangsang, at inyong dalhin ang inyong mga hayin tuing umaga, at ang inyong mga ikasampungong bahagi tuing tatlong araw; **5** at kayo'y maghandog ng hayin ng pasasalamat na may lewadura, at kayo'y magghayag ng kusang mga handog at inyong mga itanyag; sapagka't ito'y nakalulugod sa inyo, Oh ninyong mga anak ng Israel, sabi ng Panginoong Dios. **6** At binigyan ko naman kayo ng kalinisan ng mga ngipin sa lahat ninyong mga ciudad, at kakulangang tinapay sa lahat ninyong mga lugar: gayon man ay hindi kayo nagbalik sa akin, sabi ng PANGINOON. **7** At akin namang pinigil ang ulan sa inyo, ng tatlong butan na lamang at pag-aani'na, at aking pinaulan sa isang ciudad, at hindi ko pinaulan sa kabilang ciudad: isang bahagi ay inulanan, at ang bahagi na hindi inulanan ay natuyo. **8** Sa gayo'y dalawa o tatlong ciudad ay gumagala sa isang ciudad upang uminom ng tubig, at hindi mga napawang uhaw: gayon ma'y hindi kayo nagbalik, sa akin, sabi ng PANGINOON. **9** Aking sinugatan kayo ng pagkalanta at ng amag: ang karamihan ng inyong mga halaman, at ng inyong mga uvasan, at ng inyong mga higusan, at ng inyong mga olivahan ay nilipol ng balang gazam: gayon ma'y hindi

kayo nagbalik-loob sa akin, sabi ng PANGINOON. **10** Aking sinugo sa gitna ninyo ang salot na gaya ng sa Egipto: ang inyong mga binata ay pinatay ko ng tabak, at dinala ko ang inyong mga kabayo; at aking pinaalingasaw ang balio ng inyong kampamento hangang sa inyong mga butas ng ilong: gayon ma'y hindi kayo nagbalik sa akin, sabi ng PANGINOON.

**11** Aking ibinual ang iba sa inyo, gaya ng ibual ng Dios ang Sodoma at Gomorra, at kayo'y naging parang dupong na naagaw sa sunog: gayon ma'y hindi kayo nagbalik-loob sa akin, sabi ng PANGINOON.

**12** Kaya't ganito ang gagawin ko sa inyo, Oh Israel: at sa paraang aking gagawin ito sa inyo, humanda kang salubungin mo ang iyong Dios, Oh Israel. **13** Sapagka't, narito, siyang gumagawa ng mga buodok, at lumilikha ng hangin, at nagsasaysay sa tawo kung ano ang kaniyang banta, na nagpapadilim ng umaga, at yumayapak sa mga mataas na lugar ng lupa; ang PANGINOON, ang Dios ng mga hukbo ay siya niyang pangalan.

**5** Dingin ninyo ang salitang ito na aking itinataas na pinakapanagho'y sa inyo, Oh bahay ng Israel. **2** Ang dalaga ng Israel ay nabual; siya'y hindi na makababangon: siya'y nahagis sa kaniyang lupain; walang magtinding sa kaniya. **3** Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Ang ciudad na humuhugot ng isang libo, maii-wang isang daan, at ang humuhugot ng isang daan ay maiiwang sampuo sa bahay ng Israel. **4** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON sa bahay ng Israel: Hanapin ninyo ako, at kayo'y mabubuhay: **5** nguni't huag ninyong hanapin ang Bet-el, o pumasok man sa Gilgal, at huag dumaan sa Beer-seba: sapagka't walang pagsalang ang Gilgal ay papasok sa pagkabilag, at ang Bet-el ay mawawalan ng kabuluhan. **6** Inyong hanapin ang PANGINOON, at kayo'y mabubuhay; baka siya'y pumutol na parang apoy sa bahay ng Jose, at supukin noon, at walang sa Bet-el ay makapapatay: **7** kayong nagpapaging ajenjo sa kahalitulan, at naghahagis ng kabanalan sa lupa; **8** *inyong hanapin* ang lumikha ng mga Pleyade at ng Orion, at nagpapaging umaga sa kadiliman, at nagpakulimlim sa araw ng gabi; yaong tumatawag sa mga tubig sa dagat, at nagbubuhos sa balat ng lupa; PANGINOON ang siya niyang pangalan; **9** yaong nagdadala

nā biglang kabuhalan sa malakas, na uno pa't ang kagibaan ay dumarating sa katibayan. **10** Kanilang kinapopootan ang nananaway sa pintuang-daan, at kanilang kinasusuklaman ang nagsasalita ng matuid. **11** Sa paraan nga na inyong niyayapakan ang dukha, at inyong hinilingan siya ng trigo: kayo'y magtatayo ng mga bahay na batong hinichurahan; nguni't hindi ninyo mga tatabanan; kayo'y magtatanim ng mga maligayang uvasan, nguni't hindi kayo inom ng alak noon. **12** Sapagka't talastas ko kung gaano karami ang inyong mga pagsalangsang, at kung paanong makapangyarihan ang inyong mga kasalanan; kayong mga pumipighati sa banal, na kinukunan ninyo ng subol, at inyong inililigaw sa kanilang matuid ang mapagkailangan sa pintuang-daan. **13** Kayat siya na mabait ay tatahimik sa panahong yaon; sapagka't masamang panahon. **14** Kayo'y humanap ng mabuti at buag masama, upang kayo'y mabuhay: at sa gayo'y ang PANGINOON, ang Dios ng mga hukbo, ay sasa inyo, gaya ng inyong sinasabi. **15** Inyong kapootan ang masama, at ibigin ang mabuti, at kayo'y magtatag ng kahatulan sa pintuang-daan: marahil ang PANGINOON, ang Dios ng mga hukbo ay magiging maawain sa nalabi sa Jose. **16** Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ng mga hukbo, ng Panginoon: Magkakaroon ng panaghoy sa lahat na maluang na daan; at sila'y magsasabi sa lahat na mga langangun: 'Ay! ay! at kanilang tatawagin ang manggubukid upang tumangis, at sa pagtangis ang lahat na bihasa sa panaghoy. **17** At sa lahat ng uvasan ay magkakaroon ng panaghoy: sapagka't ako'y daraan sa gitna mo, sabi ng PANGINOON. **18** Sa aba ninyo na nagnanasa ng kaarawan ng PANGINOON! bakit ninyo ninanasa ang kaarawan ng PANGINOON? kadiliman nga at hindi kaliwanagan. **19** Gaya ng kung ang lalaki ay tumatakas sa leon, at isang oso ang sumasalubong sa kaniya; o pumapasok sa bahay at isinasangkalan ang kaniyang kamay sa panig, at isang ahas ay kumagat sa kaniya. **20** Hindi ba magiging kadiliman ang kaarawan ng PANGINOON, at hindi kaliwanagan? na totoong madilim, at walang kakinangun. **21** Aking kinapopootan, aking niwawalan ng kabuluhan ang inyong mga kapistahan, at hindi ako malulugod sa inyong mga dakilang pagpipisan.

**22** Oo, baga man inyong ihandog sa akin ang inyong mga handog na susunugin at mga handog na harina, hindi ko mga tatanggapin: o akin mang kalulugdan ang mga handog tungkol sa kapayapaan na inyong mga matabang hayop. **23** Ihiwalay mo sa akin ang hugong ng inyong mga awit; sapagka't hindi ko didingin ang tinig ng inyong mga viola. **24** Kungdi aagos ang kahatulan na parang mga tubig, at ang kabuhalan na parang makapangyarihang agos. **25** Nagdala ba kayo sa akin ng mga hayin, at ng mga handog sa ilang na apat na puong taon, Oh bahay ng Israel? **26** Oo, inyong itinaas si Sikut na inyong hari, at ang Kiyun na inyong mga larawan, ang bituin ng inyong mga dios, na inyong ginawa para sa inyong sarili. **27** Kaya't kayo'y aking papapasukin sa pagkabilag sa dako roon ng Damasko, sabi ng PANGINOON, na ang pangala'y Dios ng mga hukbo.

**6** Sa aba nila na nagwawalang bahala sa Zion, at nila na mga tiwasay sa bundok ng Samaria, na mga bantog na lalaki sa mga panguloong nasyon, na mga pinagsasadia ng bahay ng Israel! **2** Kayo'y dumaan sa Kalne, na inyong tingnan; at mula roon ay paroon kayo sa Hamat na malaki: kung magkagayo'y bumaba kayo sa Gat ng mga Filisteo: magaling ba sila kay sa mga kabariang ito? o malaki ba ang kanilang hanganan kay sa inyong hanganan? **3** Kayong lumalayo sa masamang araw at nagpapalapit sa luklukan ng karahasan; **4** na mga nahihiga sa mga hihigang garing, at nagsisiunat sa kanilang mga colchon, at kumakain ng mga cordero na mula sa kawan, at ng mga guya na mula sa gitna ng kulungan; **5** na umaawit ng mga walang kabuluhang awit sa tinig ng viola; na kumakatha para sa kanilang sarili ng mga kasangkapang panugtog, na gaya ni David; **6** na uminom ng alak sa mga tasa, at nagsisipagpahid ng mga mainam na pabango; nguni't hindi nangalulumbay sa pagkapihati ng Jose. **7** Kaya't ngayo'y yayaon silang bihag na kasama ng una na yumayaong bihag, at kasayahan nila na nagsisiunat ay mapaparam. **8** Ang Panginoong Dios ay sumumpa sa kaniyang sarili, sabi ng PANGINOON, ng Dios ng mga hukbo: Aking kinayayamutan ang kadakilaan ng Jakob, at kinapopootan ang kaniyang mga palacio: kaya't aking ibibigay ang ciudad sampuo ng lahat na nandoon. **9** At mangyayari,

kung may matirang sampuonng lalaki sa isang bahay, na sila'y mamamatay. **10** At pagka itataas siya ng kamag-anak, ng sumusunog sa kaniya, upang ilabas ang mga buto sa bahay, at magsasabi doon sa nasa pinakalob na bahagi ng bahay: *¿May kasama ka pa bang sino man? at kaniyang sasabihing, Wala; kung magkagayo'y kaniyang sasabihing, Ikaw ay tumahimik; sapagka't hindi natin babangitin ang pangalan ng PANGINOON.* **11** Sapagka't, narito, iniutos ng PANGINOON: at ang malaking bahay ay susugatan ng pagkasira, at ang munting bahay ng pagkatastas. **12** *¿Tatakbo ba ang mga kabayo sa malaking bato? ¿magbubukid ba doon ang sino man sa pamamag-itan ng mga toro? inyo ngang ginagawang kapaitan ang kahatulan, at ajenjo ang bunga ng kabanalan:* **13** kayong nagagalak sa isang bagay na wala, na nagsasabing, *¿Di ba kami ay nagdala para sa amin ng mga sungáy sa pamamag-itan ng aming sariling kalakasan?* **14** Sapagka't, narito, aking ititindig laban sa inyo ang isang nasyon, Oh bahay ng Israel, sabi ng PANGINOON, ng Dios ng mga hukbo; at kanilang pipighatiin kayo mula sa pagpasok sa Hamat hangang sa batis ng Araba.

**7** Ganito napakita sa akin ang Panginoong Dios: at, narito, siya'y lumikha ng mga balang gob sa pasimula ng tanghaling pagsibol ng tubo; at, narito, na siyang tanghaling tubo pagkatapos na makaani ang hari. **2** At nangyari, na ng kanilang matapos makain ang pananim sa lupain, akin ngang sinabing: Oh Panginoong Dios, isinasamo ko sa iyo, na magpatawad ka: *¿paanong tatayo ang Jakob? sapagka't siya'y maliit.* **3** Ang PANGINOON'y nagsisi tungkol dito: Hindi mangyayari, sabi ng PANGINOON.

**4** At ang Panginoong Dios napakita sa aking ganito: at narito ang Panginoong Dios ay tumatawag, upang humatol sa pamamag-itan ng apoy; at sinupok ang malaking kalaliman at sinupok ang isang bahagi. **5** Ng magkagayo'y sinabi kong, Oh Panginoong Dios, itigil mo, isinasamo ko sa iyo: *¿paanong makatatayo ang Jakob? sapagka't siya'y maliit.* **6** Ang PANGINOON'y nagsisi tungkol dito: Ito'y hindi rin mangyayari, sabi ng Panginoong Dios.

**7** Ganito siya napakita sa akin: at, narito, ang Panginoon ay nakatayo sa

tabi ng isang kuta na ayon sa pabatong tinga ang pagkayari, na may pabatong tinga sa kaniyang kamay. **8** At sinabi ng PANGINOON sa aking, Amos *¿anong iyong nakikita? At aking sinabing, Isang pabatong tinga. Ng magkagayo'y sinabi ng Panginoong: Narito, ako'y inaglalagay ng tinga sa gitna ng aking bayang Israel; hindi na ako magdadaan pa sa kanila:* **9** at ang mga mataas na lugar ng Isaak ay inagigiba, at ang mga santuario ng Israel ay malalagay na sira; at ako'y magbabangon na may tabak laban sa bahay ni Jeroboam.

**10** Ng magkagayo'y nagsugo si Amazias na sacerdote sa Bet-el kay Jeroboam na hari sa Israel, na nagsabing, Si Amos ay nagbanta laban sa iyo sa gitna ng bahay ng Israel: hindi mababata ng lupain ang lahat niyang mga salita. **11** Sapagka't ganito ang sabi ni Amos: Si Jeroboam ay mamamatay sa pamamag-itan ng tabak, at ang Israel ay walang pagsalang dadalhing bihag mula sa kaniyang lupain. **12** Sinabi rin ni Amazias kay Amos: Oh ikaw na mapagkita, yumaon ka, at tumakas kang pumatungo sa lupain ng Juda, at doo'y kumain ka ng tinapay, at manghula ka roon: **13** nguni't huag kang manghula na sa Bet-el: sapagka't siyang santuario ng hari, at siyang bahay-hari. **14** Ng magkagayo'y sumagot si Amos, at nagsabi kay Amazias: Ako'y hindi profeta o anak man ng profeta; kungdi ako'y pastor, at mang-aani ng puno ng sikomoro: **15** at kinuha ako ng PANGINOON mula sa pagsunod sa kawan, at sinabi ng PANGINOON sa aking: Ikaw ay yumaon, manghula ka sa aking bayang Israel. **16** Kaya't ngayo'y dingin mo ang salita ng PANGINOON: Iyong sinasabing: Huag kang manghula laban sa Israel, at huag mong ihulog ang *iyong salita* laban sa bahay ng Isaak; **17** kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON: Ang iyong asawa ay magiging dalahira sa ciudad, at ang iyong mga anak na lalaki at babaye ay mabubul sa pamamag-itan ng tabak, at ang iyong lupain ay mabababagi ng guhit; at ikaw ay mamamatay sa isang lupaing marumi, at ang Israel ay walang pagsalang dadalhing bihag mula sa kaniyang lupain.

**8** Ganito napakita ang Panginoong Dios sa akin: at, narito, ang isang bakol ng bungang pangtag-init. **2** At kaniyang sinabing, Amos, *¿anong iyong nakikita? At aking sinabing, Isang bakol ng bu-*

ngang pangtag-init. Ng magkagayo'y sinabi ng PANGINOON sa aking: Ang wakas ay dumating sa aking bayang Israel; hindi na ako daraan pa uli sa kanila. **3** At ang mga awit sa templo ay magiging mga angal sa araw na yaon, sabi ng Panginoong Dios: ang mga katawang patay ay magiging marauai; sa lahat ng lugar ay itatapon silang tabimik. **4** Dingin ninyo ito, Oh kayong lumalamon sa mapagkailangan, at inyong pinagkukulang ang dukha sa lupain, **5** na sinabing: *¿*Kailan daraan ang bagong buan, upang tayo'y makapagbili ng butil? at ang sabado, upang ating mailabas ang trigo? na gawin ang efa na munti, at ang siklo ay malaki, at gumawa ng karayaan sa magdarayang timbangan; **6** upang ating mabili ng pilak ang dukha, at ng dalawang paang panayapak ang mapagkailangan, at maipagbili ang pinagbithayan sa trigo. **7** Ang PANGINOON ay sumumpa alang-alang sa karangalan ng Jakob: Tunay na hindi ko kalilimutan kailan man ang alin man sa kanilang mga gawa. **8** *¿*Hindi ba manginginig ang lupain dahil dito, at tatangis ang lahat na tumatahan doon? oo, sasampung buo na gaya ng Ilog; at masasadlak, at lulubog uli, gaya ng Ilog ng Egipto. **9** At mangyayari sa araw na yaon, sabi ng Panginoong Dios, na aking palubugin ang araw sa katanghaliang tapat, at aking padidilimin ang lupa sa maliwanag na araw. **10** At aking papapaging tangis ang inyong mga kapistahan, at tagho'y ang lahat ninyong awit: at ako'y maglalagay ng kayong magaspang sa lahat na balakang, at kakalubhan sa lahat na ulo: at aking gagawing parang tangis sa isang bugtong na anak, at ang wakas noon ay gaya ng mapait na araw. **11** Narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng Panginoong Dios, na ako'y magsusugo ng kagutom sa lupain, hindi kagutom sa tinapay, o kauhawain man dahil sa tubig, kung ii sa pagkarinig ng mga salita ng PANGINOON. **12** At sila'y gagala sa dagat at dagat, at mula sa hilagaan hangang sa silangan; sila'y tatakbo ng paroo't parito upang hanapin ang salita ng PANGINOON, at hindi masusumpungan. **13** Sa araw na yaon ay manlulupaypay sa ulaw ang mga magandang dalaga at ang mga binata. **14** Silang sumusumpa sa pamamagitan ng sala ng Samaria, at nagsasabing: Buhay ang Dios mo, Oh Dan; at buhay ang daan ng Beer-seba; sila'y

mabubual, at kailan ma'y hindi na makababangon.

**9** Aking nakita ang Panginoon na nakatayo sa tabi ng altar: at kaniyang sinabing: Sungatan mo ang mga kapitil, upang ang mga tungtungan ay mauga: at mga magkapirapiraso sa ulo nilang lahat; at uking papatayin ng tabak ang luli sa kanila: walang makatatakas sino man sa kanila, at walang makatataasang sino man sa kanila. **2** Baga man sila'y humukay hangang sa inferno, mula roo'y kukunin sila ng aking kamay; at baga man sila'y sumampa hangang sa langit, mula roo'y ibababa ko sila. **3** At baga man sila'y magtago sa taluktot ng Karmel, aking habanapin at kukunin sila mula roon; at baga man sila'y matago sa aking pangingin sa pusod ng dagat, mula roo'y utusan ko ang ahas, at kakagatin noon sila. **4** At baga man sila'y masuk sa pagkabihas sa harap ng kanilang mga kaaway, mula roon ay aking utusan ang tabak, at papatayin noon sila: at aking itititig ang aking mga mata sa kanila sa ikasasama, at hindi sa ikabubuti. **5** Sapagka't ang Panginoon, ang Dios ng mga hukbo, ay siyang humihipo ng lupain at natutunaw, at ang lahat na tumatahan doon ay tatangis; at magbabangong samasama na gaya ng Ilog; at lulubog uli, na gaya ng Ilog ng Egipto: **6** siya na nagtayo ng kaniyang mga silid sa langit, at kumatha ng kaniyang balantok sa lupa; siya na tumatawag ng mga tubig sa dagat at mga ibinubuhos sa balat ng lupa; PANGINOON ang kaniyang pangalan. **7** *¿*Di ba kayo'y gaya ng mga anak ng mga Etiopia sa akin, Oh mga anak ng Israel? sabi ng PANGINOON. *¿*Hindi ko ba pinasampa ang Israel mula sa lupain ng Egipto, at ang mga Filisteo ay mula sa Kufor, at ang mga taga Syria ay sa Kir? **8** Narito, ang mga mata ng Panginoong Dios ay nasa makasalanag kaharian, at aking gigibain mula sa balat ng lupa; liban na aking hindi lubos na gigibain ang bahay ng Jakob, sabi ng PANGINOON. **9** Sapagka't, narito, ako'y mag-utos, at aking sasalan ang bahay ng Israel sa gitna ng lahat na nasyon, gaya ng *trigo* na nasala sa isang pangsala, gayon ma'y hindi malalaglag sa lupa ang pinakamaliit na butil. **10** Lahat na makasalanag sa aking bayan ay mamamatay sa pamamagitan ng tabak, na nagsasabing: Ang kasaman-an ay hindi aabot sa atin o mananag man sa atin. **11** Sa araw na yaon

ay ibabangon ko ang tabernakulo ni David na nabual, at sararhan ko ang mga sira noon; at ibabangon ko ang mga wasak noon, at aking itatayo na gaya ng mga araw ng una; 12 upang kanilang arin ang nalabi sa Edom, at ang lahat na nacion na mga tinatawag sa aking pangalan, sabi ng PANGINOON na gumagawa nito. 13 Narito, ang mga kaarawan ay dumarating, sabi ng PANGINOON, na aabutan ng mangbubukid ang mang-aani, at ng mamimisa ng uvas ang magtatanim ng binhi; at ang mga bundok ay

papatak ng matamis na alak, at ang lahat na mga burol ay matutunaw. 14 At aking uling ibabalik mula sa pagkabitang ang aking bayang Israel, at kanilang itatayo ang mga sirang ciudad, at mga tatahanan nila; at sila'y magtatanim ng mga uvasan, at iinom ng alak noon; gagawarin sila ng mga halamanan, at kakain ng bunga ng mga yaon. 15 At aking itatanim sila sa kanilang lupain, at hindi na sila mabubunot pa sa kanilang lupain, na aking ibinigay sa kanila, sabi ng PANGINOON iyong Dios.

## OBADIAS.

1 Ang malikmata kay Obadias.

Ganito ang sabi ng Panginoong Dios tungkol sa Edom: Kami ay nakarinig ng mga balita na mula sa PANGINOON, at isang sugo ay sinugo sa mga nacion, na nagsabing: Magbangon kayo, at tayo'y magtindig laban sa kaniya sa pakikipagbaka. 2 Narito, ginawa kitang maliit sa mga nacion: ikaw ay totoong niwalang kabuluhan. 3 Dinaya ka ng kapalaluan ng iyong puso, Oh ikaw na tumatahan sa mga puang ng burol, na ang tahanan ay matayog; na nagsabing sa kaniyang puso: ¿Sinong magbababa sa akin sa lupa? 4 Baga man ikaw ay pailang-lang sa itaas na parang aguila, at baga man ang iyong pugad ay malagay sa gitna ng mga bituin, aking ibababa kita mula roon, sabi ng PANGINOON. 5 Kung ang mga maghanakaw ay naparoon sa iyo, kung mga manloob sa gabi, (paano kang tumahimik!) ¿di ba sila sana'y nagnakaw hangang sa sila'y nagkaroon ng sapat? kung mga mamimitas ng uvas ay naparoon sa iyo, ¿di ba sila sana'y nag-iwan ng mga laglag na uvas? 6 Paanong nasiyasat ang mga bagay ni Esau! Paanong nasumpungan ang kaniyang mga kayamanang natago! 7 Lahat na lalaki na iyong kaalam ay dinala ka sa iyong lakad, hangang sa hanganan: ang mga lalaki na nasa kapayapaan sa iyo ay dinaya ka, at nanaig laban sa iyo: silang kumakain ng iyong tinapay ay naglagay ng silo sa ilalim mo: wala ng kaalaman

sa kaniya. 8 Di ko ba lilipulin sa araw na yaon, sabi ng PANGINOON, ang mga pantas na tawo sa Edom, at ang kaalaman sa bundok ng Esau? 9 At ang iyong mga makapangyarihang tawo, Oh Teman, ruanlulupaypay, sa paraan na bawala isa'y mahihawalay sa bundok ng Esau sa pamamagitan ng pagpatay. 10 Dahil sa karahasan na ginawa sa iyong kapatid na Jakob ay kahihyan ang tatakip sa iyo, at ikaw ay mahihawalay magpakailan man. 11 Ng araw na ikaw ay tumayo sa kabilang dako, ng araw na dinala ng mga taga ibang bayan ang kaniyang laman, at mga mangingibang bayan ay masok sa kaniyang mga pintuang-daan at pagsapalarang laro ang Jerusalem, ikaw naman ay naging gaya ng isa sa kanila. 12 Huag ka ngang magmasid sa araw ng iyong kapatid sa kaarawan ng kaniyang kasakunaan, at huag mong kagalakan ang mga anak ng Juda sa kaarawan ng kanilang pagkabual; magsalita man ng kapalaluan sa kaarawan o ng kapanlawan. 13 Huag kang pumasok sa pintuang-daan ng aking bayan sa kaarawan ng kanilang kapahamakan; oo, huag mong masdan ang kanilang pagkapihati sa kaarawan ng kanilang kapahamakan, o papakialamin ninyo man ang inyong mga kamay sa kanilang kayamanan sa kaarawan ng kanilang kapahamakan. 14 At huag kang tumayo sa mga pinagkakasalubungang daan upang ihiwalay ang kaniya na tumataa-

nan; at huag mong ibigay ang kaniya na nalabi sa kaarawan ng kasakunaan. **15** Sapagka't ang kaarawan ng PANGINOON ay malapit na, laban sa lahat ng nasyon: kung ano ang iyong gawin, ay siyang gagawin sa iyo; ang iyong gawa ay babalik sa iyong sariling ulo. **16** Sapagka't kung paanong kayo'y uminom sa aking santong bundok, gayon iinom na palagi ang lahat na nasyon, oo, sila'y iinom at tutungak, at magiging para bagang sila'y hindi nabuhay. **17** Ngunit sa bundok ng Zion ay doroon yaong mga nakataanan, at magiging santo; at aariin ng bahay ni Jakob ang kaniyang mga pag-aari. **18** At ang bahay ni Jakob ay magiging isang apoy, at ang bahay ni Jose ay isang liab, at ang bahay ng

Esau ay yunot, at mga kanilang susunugin, at mga susupukin: at walang malalabi sa bahay ng Esau; sapagka't sinalita ng PANGINOON. **19** At silang sa Timugan, ay mag-aari ng bundok ng Esau, at silang sa mababang lupa ay ang mga Filisteo: at kanilang aariin ang parang ng Efrain, at ang parang ng Samaria: at *awin ng Benjamin* ang Gilead. **20** At ang bilag sa hukbong ito ng mga anak ng Israel na nasa mga taga Kanaan, *mag-aari ng* hangang sa Zarefat; at ang bihag sa Jerusalem na nasa Sefarad, mag-aari ng mga ciudad ng Timugan. **21** At ang mga tagapagligta: ay sasampa sa bundok ng Zion upang hatulan ang bundok ng Esau, at ang kaharian ay magiging sa PANGINOON.

## JONAS.

**1** Ang salita nga ng PANGINOON ay dumating kay Jonas na anak ni Amilai, na nagsabing: **2** Ikaw ay magbangon, pumaron ka sa Nineve, sa malaking ciudad na yaon, at humiyaw ka laban doon; sapagka't ang kanilang kasam-an ay sumampa sa harap ko. **3** Ngunit si Jonas ay nagbangon upang tumakas na *patungo* sa Tarsis mula sa harap ng PANGINOON; at siya'y bumaba sa Joppa, at nakasumpung ng sasakyan na patungo sa Tarsis: sa gayo'y nagbayad siya ng kabayaran noon, at siya'y nasok, upang yumaong kasama nila sa Tarsis mula sa harap ng PANGINOON. **4** Ngunit ang PANGINOON ay nagsugo ng malakas na hangin sa dagat, at nagkaroon ng malakas na bagyo sa daga, na ano pa't ang sasakyan ay parang masisira. **5** Ng magkagayo'y ang mga tawong dagat ay natakot, at dumaing ang bawa't tawo sa kaniyang dios; at kanilang inihagis sa dagat ang mga daladalang nasa sasakyan upang makapagpagaan sa kanila. Ngunit si Jonas ay bumaba sa pinakalob na bahagi ng sasakyan; at siya'y nahiga at nakatulog ng mahimbing. **6** Sa gayo'y lumapit sa kaniya ang panginoon ng sasakyan, at sinabi sa kaniyang: *?* Ano ang isaakala mo, Oh matutulugin? ikaw

ay bumangon, tumawag ka sa iyong Dios, baka sakaling alalahanin ng Dios tayo upang huag tayong mamatay. **7** At sinabi ng bawa't isa sa kanila sa kaniyang kasama: Ikaw ay parito, at tayo'y mag-sapalaran, upang ating malaman *kung* dahil kanino dumating ang kasam-ang ito sa atin. Sa gayo'y sila'y nagsapalaran, at ang palad ay nahulog kay Jonas. **8** Ng magkagayo'y sinabi nila sa kaniyang: Isinasamo namin sa iyo na iyong saysayin sa amin, *kung* dahil kanino dumating ang kasam-ang ito sa atin; *?* ano ang iyong hanap-buhay? at *?* saan ka nangaling? *?* ano ang iyong lupain? at *?* sa anong bayan ka? **9** At kaniyang sinabi sa kanilang: Ako'y Hebreo; at ako'y natatakot sa PANGINOON, sa Dios sa langit na siyang lumikha sa dagat at sa tuyong lupain. **10** Ng magkagayo'y natakot na mainam ang mga lalaki, at nagsabi sa kaniyang: *?* Ano itong iyong ginawa? Sapagka't talastas ng mga lalaki na siya'y tumakas mula sa harap ng PANGINOON, sapagka't isinaysay niya sa kanila. **11** Ng magkagayo'y sinabi nila sa kaniyang: *?* Anong gagawin namin sa iyo, upang ang dagat ay tumahimik sa atin? sapagka't ang dagat ay lumalala ng lumalala. **12** At sinabi niya sa kanilang: Ako'y



inyong itaas, at ihagis ninyo ako sa dagat; sa gayo'y ang dagat ay tatahimik sa inyo: sapagka't talastas ko na dahil sa akin dumating ang malaking bagyong ito sa inyo. **13** Gayon ma'y ang mga lalaki ay sumasaguang mainam upang bumalik sa lupa; nguni't hindi nila magawa: sapagka't ang dagat ay lumalala ng lumalala laban sa kanila. **14** Kaya't sila'y dumaing sa PANGINOON, at nagsabing: Idinadalangin namin sa iyo, Oh PANGINOON, idinadalangin namin sa iyo, huag mo kaming ipahamak dahil sa buhay ng lalaking ito, at huag mong ihulog sa amin ang walang salang dugo: sapagka't ikaw, Oh PANGINOON, iyong ginawa ang nakalulugod sa iyo. **15** Sa gayo'y kanilang itinaas si Jonas, at inihagis sa dagat: at ang dagat ay tumigil sa kaniyang pag-iinit. **16** Ng magkagayo'y natakot na mamam ang mga lalaki sa PANGINOON; at sila'y naghandog ng isang hayin sa PANGINOON, at nagsipanata. **17** At inihanda ng PANGINOON ang isang malaking isda upang lamunin si Jonas; at si Jonas ay napasa tiyan ng isda na tatlong araw at tatlong gabi.

**2** Ng magkagayo'y nanalangin si Jonas sa PANGINOONG kaniyang Dios mula sa tiyan ng isda: **2** at kaniyang sinabing,

Ako'y tumatawag sa PANGINOON dahil sa aking pagkapighati,

At siya'y sumasagot sa akin:

Mula sa tiyan ng inferno ako'y sumisigaw,

At iyong dinidinig ang aking voces.

**3** Sapagka't inihagis mo ako sa kalaliman, sa puso ng mga dagat,

At ang agos ay nasa palibot ko;

Ang lahat ng iyong alon at lahat ng iyong malaking alon ay dumaraan sa akin.

**4** At aking sinabing, Ako'y nahagis mula sa harap ng iyong mga mata: Gayon ma'y titingin ako uli sa iyong santong templo.

**5** Kinukulong ako ng mga tubig sa palibot hangang sa kalulua; Ang kalaliman ay nasa palibot ko; Ang mga damong dagat ay naglikom sa aking ulo.

**6** Ako'y bumaba sa mga kaibaibabaan ng mga bundok;

Ang lupa sampuo ng kaniyang pangtrangka ay tumakip sa akin magpakailan man:

Gayon ma'y isinampa mo ang aking buhay mula sa hukay, Oh PANGINOONG aking Dios.

**7** Pagka ang aking kalulua ay nawawalan ng diwa sa loob ko, naaalala ko ang PANGINOON:

At ang akin dalangin ay nasok sa iyo, sa loob ng iyong santong templo.

**8** Ang mga gumagalang ng mga magdara'yang kawalang kabuluhan Binabayaan ang kanilang sariling kaawaan.

**9** Nguni't ako'y maglahayin sa iyo ng voces ng pasasalamat; Aking gaganapin yaong aking ipinangata.

Kaligtasa'y sa PANGINOON.

**10** At ang PANGINOON ay nagsalita sa isda, at inilua si Jonas sa tuyong lupa.

**3** At ang salita ng PANGINOON ay dumating kay Jonas na ikalawa, na nagsabing: **2** Ikaw ay magbangon, pumaroon ka sa Nineve, sa malaking ciudad na yaon, at ipangaral mo ang pangaral na aking sasabihin sa iyo. **3** Sa gayo'y nagbangon si Jonas, at naparoon sa Nineve, ayon sa salita ng PANGINOON. Ang Nineve nga ay totoong malaking ciudad, na tatlong araw na labbayin.

**4** At nagpasimulang pumasok si Jonas sa ciudad na may isang araw na paglalakbay, at siya'y sumigaw, at nagsabing, Apat na puong araw pa at ang Nineve ay mawawasak. **5** At ang bayan ng Nineve ay sumampalataya sa Dios; at sila'y naghayag ng ayuno, at nagsuot ng kayong magaspang, mula sa kalakilakihan sa kanila hangang sa kababababan sa kanila. **6** At ang mga balita ay dumating sa hari sa Nineve, at siya'y tumindig mula sa kaniyang luklukan, at hinubad niya ang kaniyang balabal sa kaniya, at nagbalot siya ng kayong magaspang, at nauupo sa mga abo. **7** At kaniyang inihayag at itinanyag sa boong Nineve sa pasiya ng hari at ng kaniyang mga mahal, na sinabing: Huag lumasa maging tawo o hayop man, bakahan, o kawan man, ng ano mang bagay: huag silang kumain, o uminom man ng tubig:

**8** kungdi magbalot sila ng kayong magaspang, ang tawo at gayon din ang hayop, at dumaing silang mainam sa Dios: oo, talikdan ng bawa't isa ang kaniyang masamang lakad, at ang pangdadahas na nasa kanilang mga kamay. **9** Sino ang nakaalam kung magbabalik-loob ang

Dios at magsisisi, at hihiwalay sa kaniyang mabangis na galit, upang tayo'y huag mamatay? **10** At nakita ng Dios ang kanilang mga gawa, na sila'y humiwalay sa kanilang masamang lakad; at nagsisi ang Dios sa kasam-an, na kaniyang sinabing kaniyang gagawin sa kanila; at hindi niya ginawa.

**4** Ngunit sumama ang loob na mainam ni Jonas, at siya'y nagalit. **2** At siya'y naualangin sa PANGINOON, at nagsabing, Isinasamo ko sa iyo, Oh PANGINOON, ¿di ba ito ang aking sabi, ng ako'y nasa aking lupain pa? Kaya't ako'y nagmadaling tumakas na patungo sa Tarsis: sapagka't talastas ko na ikaw ay Dios na mabiyaya, at puspos ng kahabagan, banyagad sa pagkagalit, at sagana sa kaawaan, at nagsisisi ka sa kasam-an. **3** Kaya nga, Oh PANGINOON, isinasamo ko sa iyo, na alisin mo ang aking buhay; sapagka't mabuti sa akin ang mamatay kay sa mabuhay. **4** At sinabi ng PANGINOON: ¿Mabuti ba ang iyong ginagawa na magalit? **5** Ng magkagayo'y lumabas si Jonas sa ciudad, at naupo sa dakong silanganan ng ciudad, at doo'y gumawa siya ng isang balag, at naupo siya sa ilalim noon sa lilim, hangang sa kaniyang makita kung ano ang mangyayari sa ciudad. **6** At naghanda ang

PANGINOONG Dios ng isang kalabasa, at pinataas sa itaas ni Jonas, upang maging lilim sa kaniyang ulo, upang iligtas siya sa kaniyang masamang kalagayan. Sa gayo'y natuang mainam si Jonas dahil sa kalabasa. **7** Ngunit naghanda ang Dios ng isang uod ng mag-umaga sa sumunod na araw, at sinugatan ang kalabasa, na ano pa't natuyot. **8** At nangyari, ng sumikat ang araw, na naghanda ang Dios ng mainit na hangng silanganan; at sinikatan ng araw ang ulo ni Jonas, na ano pa't siya'y nawalan ng diwa, at hiniling tungkol sa kaniya na siya'y mamatay, at nagsabing: Mabuti sa akin ang mamatay kay sa mabuhay. **9** At sinabi ng Dios kay Jonas: ¿Mabuti ba ang ginagawa mo na magalit dahil sa kalabasa? At kaniyang sinabing, Ako'y gumagawa ng mabuti na magalit hangang sa *ibigin ang kamatayan*. **10** At sinabi ng PANGINOON: Ikaw ay nahinayang sa kalabasa na hindi mo pinagpagalan o pinatubo man; na sumampa sa isang gabi at nawala sa isang gabi: **11** at ¿hindi ba ako mahihinayang sa Nineve, sa malaking ciudad na yaon, na mahigit sa isang daan at dalawang puong libong katawo na hindi marunong magmunimuni ng kanilang kanang kamay at ng kanilang kaliwang kamay; at marami ring hayop?

## MIKAS.

**1** Ang salita ng PANGINOON na dumating kay Mikas na Morastita, sa mga kaarawan ni Jotam, ni Ahaz, at ni Hezekias, na mga hari sa Juda, na nakakita ng tungkol sa Samaria at sa Jerusalem.

**2** Dingin ninyong mga bayan, ninyong lahat; dingin mo, Oh lupa, at ng lahat na nasa iyo: at ang Panginoong Dios ay maging saksi laban sa iyo, ang Panginoon mula sa kaniyang santong templo. **3** Sapagka't, narito, ang PANGINOON'y lumalabas sa kaniyang lugar, at bababa, at yayapak sa mga mataas na lugar sa lupa. **4** At ang mga bundok ay matutunaw sa ilalim niya, at ang libis ay mauupos, na parang pagkit sa harap ng apoy, parang

tubig na bumubuhos mula sa isang bundok. **5** Dahil sa pagsalangsang ng Jakob ang lahat na ito, at dahil sa mga kasalanan ng bahay ng Israel. ¿Ano ang pagsalangsang ng Jakob? ¿hindi ba ang Samaria? ¿at ano ang mga mataas na lugar ng Juda? ¿di ba ang Jerusalem? **6** Kaya't gagawin ko ang Samaria na parang buntan sa parang, at parang pananim sa uvasan: at aking ilalagpak ang mga bato noon sa libis, at aking ililitaw ang mga cimientong noon. **7** At lahat niyang larawang hinichurahan ay pagpipirapirasuhin, at ang lahat niyang mga kaupahan ay susupukin sa apoy, at ang lahat niyang mga idolo ay aking iwawasak: sapagka't sa kaupahan sa isang

dalahira kaniyang mga pinisan, at sa kaupahan sa isang dalahira mangauwi. **8** Dahil dito ako'y tataghoy at aangal, ako'y yayaong nasamsaman at hubad: ako'y lihiyaw ng panghihinayang na parang ebakal, at tataugis na gaya ng mga arengtruz. **9** Sapagka't ang kaniyang mga sugat ay walang kagamutan: sapagka't dumarating hangang sa Juda; umaabot hangang sa pintuang-daan ng aking bayan, hangang sa Jerusalem. **10** Huag ninyong saysayin sa Gat, huag kayong pakaiyak: sa Bet-le-Afra ay gumumon ako sa alabok. **11** Magdaan ka, Oh mananahan sa Safir, sa kahubaran at kahihayan: ang mananahan sa Zaanan ay hindi lumalabas; ang taghoy ng Bet-ezel ay mag-aalis sa iyo ng pang-alalay noon. **12** Sapagka't ang mananahan sa Marot ay naghihintay na mainam ng ikabubuti: sapagka't ang kasam-an ay bumaba mula sa PANGINOON hangang sa pintuang-daan ng Jerusalem. **13** Isingitaw mo ang karro sa *maliksing* kabayo, Oh mananahan sa Lakis: siya ang pasimula ng kasalanan sa anak na babaye ng Zion; sapagka't ang pagsalangsang ng Israel ay nasumpungan sa iyo. **14** Kaya't ikaw ay magbibigay ng kalob sa pagpapaalam sa Moreset-gat: ang mga bahay ni Akzib ay magiging kadayaang bagay sa mga hari sa Israel. **15** Dadalhin ko pa sa iyo, Oh mananahan sa Maresa, ang sasakop sa iyo: ang kalualhatian ng Israel ay darating hangang kay Adullam. **16** Magpakakalbo ka, at mag-ahit ka dahil sa mga anak ng iyong kalayawan: palakhin mo ang iyong pagkakaalbo na parang aguila; sapagka't sila'y napasa pagkabiha mula sa iyo.

**2** Sa aba nila na kumakatha ng kasaman at gumagawa ng kasam-an sa kanilang mga hihigan! Pagliliwanag kinaumagahan, ay kanilang sinasanay, sapagka't nasa kapangyarihan ng kanilang kamay. **2** At sila'y nag-iimbot ng mga bukid, at kanilang mga inaangkin; at ng mga bahay, at mga binubuhay: at kanilang pinipighati ang lalaki at ang kaniyang bahay, ang lalaki at ang kaniyang mana. **3** Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON: Narito, laban sa sambahayang ito ay kumakatha ako ng isang kasam-an na doo'y hindi ninyo maaalis ang inyong mga leeg, o makalalakad man ng kahambugan; sapagka't isang masamang panahon. **4** Sa araw na yaon ay babangit sila ng talinhaga laban sa inyo, at mananaghoy ng kakilakilabot na panag-

hoy, at magsasabing: Kami ay lubos na nasamsaman: kaniyang binabago ang bahagi ng aking bayan: bakit binago niya sa akin! sa mga manghihimagsik kaniyang binahagi ang aming mga bukid. **5** Kaya't mawawalan ka na ng maghahagis ng pisi sa pamamag-itan ng sapalaran sa kapulungan ng PANGINOON. **6** Huag kayong manghuhula, ganito sila nanghuhula. Hindi sila manghuhula sa mga ito: ang mga kakutyan ay hindi hihiwalay. **7** Sasabihin bang, Oh bahay ng Jakob: Ang espiritu ba ng PANGINOON ay nagipit? Ang mga ito ba ang kaniyang mga gawa? Di ba ang aking mga salita ay gumagawa ng mabuti sa lumalakad ng matuid? **8** Nguni't malaon na, na ang aking bayan ay bumangon na parang kaaway: inyong hinuhubad ang suot na kalakip ng balabal sa mga dumadaang tiwasay na parang mga lalaking umuurong sa pagbabaka. **9** Ang mga babaye ng aking bayan ay inyong pinalayas sa kanilang mga masayang bahay; sa kanilang mga bata ay inyong inaalís ang aking kalualhatian magpakailan man. **10** Kayo'y bumangon, at yumaon; sapagka't hindi ito ang inyong kapahingahan: dahil sa karumihan na lumilipol, sa pamamag-itan ng mahigpit na paggiba. **11** Kung ang isa'y lumalakad sa hangin at sa pagbubulaan ay nagsisinungaling, an *nagsasabing*, Ako'y manghuhula sa iyo tungkol sa alak at matapang na inumin; siya nga'y magiging profeta sa bayang ito.

**12** Walang pagsalang aking pipisanin, Oh Jakob, ang lahat ng iyo; aking pipisaning walang pagsala ang nalabi sa Israel: akin silang ilalagay na magkakasama na parang mga tupa ng Beza: na parang kawan sa gitna ng pasababan sa kanila, sila'y gagawa ng malaking ingay dahil sa *karamihan* ng mga tawo. **13** Nangunguna sa kanila yaong nagbubukas ng daan: sila'y nagbukas ng daan at dumaan sa pintuang-daan, at mga lumabas doon: at ang kanilang hari ay nagpauna sa kanila, at ang PANGINOON sa unahan nila.

**3** At aking sinabing, Isinasamo ko sa inyo, na inyong dingin, ninyong mga pangulo ng Jakob, at mga puno ng bahay ng Israel: hindi ba sa inyo ang pagkakilala ng kahatulan? **2** Na siyang napopoot sa mabuti at umiibig sa kasaman; na siyang umaagaw sa *mga dukha* ng balat nila, at ng kanilang laman sa ka-

nilang mga buto; **3** Na siya ring kumakain ng laman ng aking bayan; na lumalapnos ng kanilang balat sa kanila, at bumabali ng kanilang buto: oo, kanila silang pinagpipirapiraso, na parang sa paliok, at parang laman sa loob ng kaldera. **4** Sila nga'y dadaing sa PANGINOON, nguni't hindi niya sasagutin sila: oo, kaniyang ikukubli ang kaniyang mukha sa kanila sa panahong yaon, ayon sa kanilang ginawang kasam-an ng kanilang mga gawa. **5** Ganito ang sabi ng PANGINOON tungkol sa mga profeta na nagligaw sa aking bayan; na nagkakandikitil ng kanilang mga ngipin at bumuhyaw: Kapayapaan; at yaong hindi naglalagay sa kanilang bibig, ay pinaghahandaan siya nila ng pagbabaka: **6** Kaya't magkakaroon kayo ng gabling walang panaginip; at magkakaroon ng kadiliman, na hindi kayo makapanghuhula; at ang araw ay lulubog sa mga profeta, at ang araw ay mangungulimlim sa kanila. **7** At ang mga mapagkita ay mapapahiya, at ang mga manghuhula ay matutulig; oo, silang labat ay magtatakip ng kanilang mga labi: sapagka't walang kasagutan ng Dios. **8** Nguni't tunay na ako'y puspos ng kapangyarihan sa pamamagitan ng espiritu ng PANGINOON, at ng kahatulan, at ng kapangyarihan, upang isaysay sa Jakob ang kaniyang pagsalang-sang, at sa Israel ang kaniyang kasalanan. **9** Dingin ninyo ito, isinasamo ko sa inyo, ninyong mga pangulo ng bahay ng Jakob, at mga puno ng bahay ng Israel, na nappoot sa kahatulan, at nagbabaluktog ng matuid. **10** Kanilang itinatayo ang Zion sa pamamagitan ng dugo, at ang Jerusalem sa pamamagitan ng kasam-an. **11** Ang mga pangulo niya'y humahatol dahil sa kagantihan, at ang mga sacerdote niya'y nagtuturo dahil sa suhol, at ang mga profeta niya'y nanghuhula dahil sa salapi: gayon ma'y sila'y mangangapit sa PANGINOON, at magsasabing, ¿Hindi ba ang PANGINOON ay nasa gitna natin? walang kasam-ang darating sa atin. **12** Kaya't ang Zion dahil sa inyo'y bubukirin na parang isang bukid, at ang Jerusalem ay maginging mga buntot, at ang mga bundok ng bahay ay parang mga mataas na lugar sa isang gubat.

**4** Nguni't sa mga huling araw ay mangyayari, na ang bundok ng bahay ng PANGINOON, matatata sa taluktok ng mga bundok, at matataas sa mga burol; at mga baya'y magkukulumot sa kaniya.

**2** At maraming nacio'y paroroo't magsasabing: Parito kayo, at tayo'y sumampa sa bundok ng PANGINOON, at sa bahay ng Dios ng Jakob; at siya'y magtuturo sa atin ng kaniyang mga daan, at tayo'y lalakad sa kaniyang mga landas: sapagka't sa Zion ay lalabas ang kautusan; at ang salita ng PANGINOON ay mula sa Jerusalem. **3** At siya'y habatol sa maraming bayan, at sasaway sa mga matibay na nacion sa malayo; at kanilang pandayin ang kanilang mga tabak upang maging pang-bukid, at ang kanilang mga silat upang maging karit: ang nacion ay hindi magiataas ng tabak laban sa nacion, o mag-aaral man ng pakikipagbaka pa. **4** Nguni't sila'y unpo bawa't isa sa ilalim ng kaniyang puno ng uvas at sa ilalim ng kaniyang puno ng bigos; at walang tatakot sa kanila: sapagka't sinalita ng bibig ng PANGINOON ng mga hukbo. **5** Sapagka't ang lahat na bayan ay lalakad bawa't isa sa pangalan ng kaniyang dios, at tayo'y lalakad sa pangalan ng PANGINOONG ating Dios magpakailan man.

**6** Sa araw na yaon, sabi ng PANGINOON, aking aampunin siya na napipilay, at aking aampunin siya na natapon, at siya na aking pinipighati; **7** at aking gagawin na siyang pilay ay isang nalabi, at siyang natapon sa malayo ay isang matibay na nacion: at ang PANGINOON ay maghahari sa kanila sa bundok ng Zion mula ngayon hangang sa walang hangan. **8** At ikaw, Oh moog ng kawan, na burol ng anak na babaye ng Zion, sa iyo'y darating; oo, ang dating pagsakop ay darating, ang kaharian ng anak na babaye ng Jerusalem. **9** Ngayo'y ¿bakit ka sumisigaw ng malakas? ¿wala bang hari sa iyo? ¿ang iyo bang manpapa-yo'y namatay, upang ang mga karamdaman ay suma iyo na parang babaye sa pagdarandam? **10** Magdamdam ka, at magtitis ka ng hirap, Oh anak na babaye ng Zion, na gaya ng babaye sa pagdarandam: sapagka't ngayo'y lalabas ka sa ciudad, at ikaw ay tatahan sa parang, at ikaw ay paroroon hangang sa Babilonia; doon ka maliligtas; doon ka tutubusin ng PANGINOON sa kamay ng iyong mga kaaway. **11** At ngayo'y maraming nacion ay nagpipilian laban sa iyo, na magsasabing: Mahawa siya, at makita ng ating mata ang nasa niya sa Zion. **12** Nguni't hindi nila nalalaman ang mga pag-iisip ng PANGINOON, o natatalastas man niya ang kazi-

yang payo: sapagka't kaniyang pinisan sila na parang mga bigkis sa giikan.

13 Ikaw ay bumangon, at gumiiik, Oh anak na babaye ng Zion: sapagka't aking gagawing bakal ang iyong sungay, at aking gagawing tanso ang iyong mga kuko: at iyong pagpipirapirasuhin ang maraming bayan: at iyong itatalaga ang kanilang pakinabang sa PANGINOON, at ang kanilang yaman ay sa Panginoon ng boong lupa.

5 Ngayon ay makukulong ka ng mga hukbo, Oh anak na babaye ng mga hukbo: siya'y kumulong laban sa atin: kanilang susugatan ang hukom sa Israel ng isang tungkod sa pisngi.

2 Nguni't ikaw, Bet-lehem Efrata, na maliit upang lumagay sa mga libo sa Juda, mula sa iyo'y lalabas ang isa sa akin na magpupuno sa Israel; na ang pinagbuhatan ay mula ng una, mula ng walang hangan. 3 Kaya't kaniyang ibigay sila hangang sa panahon na siya na nagdaramdam ay mapasulong: kung magkagayon ang nalabi sa kaniyang mga kapatid ay magbabalik sa mga anak ng Israel. 4 At siya'y magtitindig at magpapasabsab ng kaniyang kawan sa kalakasan ng PANGINOON, sa kamahalan ng pangalan ng PANGINOONG kaniyang Dios: at sila'y tatahan; sapagka't ngayon siya'y magiging malaki hangang sa mga wakas ng lupa. 5 At ang lalaking ito ay magiging ating kaayapaan: pagka ang taga Asiria ay papasok sa ating lupain, at pagka siya'y tutungtong sa ating mga palacio, tayo nga'y magtitindig laban sa kaniya ng pitong pastor, at walong pinakapangulong tawo. 6 At kanilang gigibain ng tabak ang lupain ng Asiria, at ang lupain ng Nimrod sa mga pasukan noon: at kaniyang ililigtas tayo sa taga Asiria, pagka siya'y pumasok sa ating lupain, at pagka siya'y tumuntong sa loob ng ating hanganan. 7 At ang nalabi sa Jakob ay magiging sa gitna ng maraming bayan na parang hamog na mula sa PANGINOON, parang ulan sa damo; na hindi naghilintay sa mga lalaki, o naghilintay man sa mga anak ng tawo. 8 At ang nalabi sa Jakob ay magiging sa gitna ng mga nasyon, sa gitna ng maraming bayan, parang leon sa mga hayop sa gubat, at parang batang leon sa mga kawan ng tupa; na kung siya'y dumaraan ay yumayapak at lumalapa at walang magligtas. 9 Matataas ang iyong kamay sa iyong mga kaaway

at mahihiwalay ang lahat ng iyong mga kaaway.

10 At mangyari sa araw na yaon, sabi ng PANGINOON, na aking ibihiwalay ang iyong mga kabayo sa gitna mo, at aking iwawasak ang iyong mga karro: 11 at aking ibihiwalay ang mga ciudad ng iyong lupain, at aking ibabagsak ang lahat ng iyong katibayan: 12 at aking ibihiwalay ang mga pangagaway sa iyong kamay; at hindi ka na magkakaroon ng mga manghuhula: 13 at aking ibihiwalay ang iyong mga hinichurahang larawan at ang iyong mga haligi sa gitna mo; at hindi ka na sasamba sa gawa ng iyong mga kamay. 14 At aking bubunutin ang iyong mga Ashera sa gitna mo: at aking gigibain ang iyong mga ciudad. 15 At ako'y gagamit ng panghihiganti sa galit at pag-aalab ng loob sa mga nasyon na hindi nakinig.

6 Dingin ninyo ngayon kung ano ang sinasabi ng PANGINOON: Ikaw ay bumangon, makipagkaalit ka sa harap ng mga bundok, at dingin ng mga burol ang iyong voces. 2 Dingin ninyo, Oh ninyong mga bundok, ang usap ng PANGINOON, at ninyo na mga matibay na cimiento ng lupa: sapagka't ang PANGINOON ay may usap sa kaniyang bayan, at kaniyang ipakikipagtalo sa Israel. 3 Oh bayan ko, janong ginawa ko sa iyo? at sa ano kita pinagod? sumaksi ka laban sa akin. 4 Sapagka't ikaw ay aking isinampa mula sa lupain ng Egipto, at tinubos kita sa bahay ng pagkaalipin; at aking sinugo sa unahan mo si Moises, si Aaron, at si Miriam. 5 Oh bayan ko, alalahanin mo ngayon kung ano ang isinanguni ni Balak na hari sa Moab, at kung ano ang isinagot sa kaniya ni Balaam na anak ni Beor; alalahanin mo ang mula sa Sitim hangang sa Gilgal, upang iyong makilala ang mga kabangalang gawa ng PANGINOON. 6 Ano ang aking ilalapat sa harap ng PANGINOON, at yuyukod sa harap ng mataas na Dios? paroroon ba ako sa harap niya na may mga handog na susunugin, na may guyang isang taon ang tanda? 7 Kalulugdan ba ng PANGINOON ang mga libolibong tupa, o ang mga sampuo sampuon libong ilog na langis? ibibigay ko ba ang aking panganay dahil sa aking pagsalangsang, ang bunga ng aking katawan dahil sa kasalanan ng aking kaluluha? 8 Kaniyang ipinakilala sa iyo, Oh tawo, kung ano

ang mabuti; at kung ano ang hinihinġi ng PANGINOON sa iyo, kungdi gumawa ng kabanalan, at ibigin ang kaawaan, at lumakad na may kababaan na kasama ng iyong Dios.

9 Ang voces ng PANGINOON ay humihiyaw sa ciudad, at ang lalaking may karunungan ay titingin sa iyong pangalan: dingin ninyo ang tungkod at ang naghalal sa kaniya. 10 Magkakaroon pa ba kaya ng mga kayamanan ng kasamaan sa bahay ng masama, at ng kulang na panukat na kasuklamsuklam? 11 Magiging malinis ba ako sa masamang timbaungan, at sa madayang supot na panimbang? 12 Sapagka't ang mga mayaman noon ay puno ng pangdadahas, at ang mga mananahan noo'y nagsalita ng mga kabulaanan, at ang kanilang dila ay magdaraya sa kanilang bibig. 13 Kaya't sinugatan naman kita ng mabigat na sugat; ginawa kitang kagibaan dahil sa iyong mga kasalanan. 14 Ikaw ay kakain, nguni't hindi ka mabusog; at ang iyong pagpapakumbaba ay sasa gitna mo: at ikaw ay babago, nguni't wala kang dadalhing ligtas; at ang iyong ilalabas ay aking iwan sa tabak. 15 Ikaw ay maghabasik, nguni't hindi ka aani: ikaw ay magpipisa ng mga olivo, nguni't hindi ka magpapahid ng langis; at ng uvas, nguni't hindi ka iinon ng alak. 16 Sapagka't iningatan ang mga palatuntunan ni Omri, at ang lahat na gawa ng bahay ni Ahab: at kayo'y lumalakad sa kanilang mga payo, upang gawin kitang kagibaan, at ang mga mananahan niya'y kasutsutan; at inyong dadalhin ang kakutyaan ng aking bayan.

7 Sa aba kol sapagka't ako'y gaya ng kanilang pisanin ang mga bunga sa tag-init, gaya ng mga pagpitas ng uvas sa uvasan: walang kumpol na nakain; ang aking kalulua ay nagnauasa ng uwang bungang higos. 2 Ang mabuting tawo ay namatay sa lupa, at wala ng banal sa mga tawo: silang lahat ay bumabakay para sa dugo; hinuhuli ng bawa't isa ang kaniyang kapatid sa pamamagitan ng silo. 3 Ang kanilang mga kamay ay nasa kasam-an upang gawing masikip; ang pangulo ay humihinġi, at ang hukom ay magap sa suhol; at ang mahal ay nagsasalita ng kasam-an ng kaniyang kalulua: ganito nila tinatahing magkakasama. 4 Ang pinakamahusay sa kanila ay parang dawag: ang pinakamatuid ay masama kay sa isang bakod na may tinik:

ang araw ng pagbabantay sa iyo, ang araw ng pagdalaw sa iyo, ay dumating: ngayo'y magiging kanilang kawalan ng diwa. 5 Huag kayong umasa sa kaibigan, huag kayong magkatiwala sa patnubay: inġatan mo ang mga pinto ng iyong bibig sa kaniya na humihiga sa iyong sinapupunan. 6 Sapagka't siuisiraang puri ng anak na lalaki ang ama, ang anak na babaye ay nagtitindig laban sa kaniyang ina, ang manungag na babaye ay laban sa kaniyang bianang babaye: ang mga kaaway ng lalaki ay ang kaniyang sariling kasambahay.

7 Nguni't sa ganang akin, ako'y titingin sa PANGINOON; ako'y maghihintay sa Dios ng aking kaligtasan: didingin ako ng aking Dios. 8 Huag kang magalak laban sa akin, Oh aking kaaway: pagka ako'y nabual, ako'y magbabangon; pagka ako'y nauupo sa kadiliman, ang PANGINOON ay magiging ilaw sa akin. 9 Aking dadalhin ang kagalitan ng PANGINOON, sapagka't ako'y nagkasala laban sa kaniya; hangang sa kaniyang ipagsangalang ang aking usap, at gamitan ng kahatulan ako: kaniyang ilalabas ako sa liwanag, at aking mamasdan ang kaniyang kabanalan. 10 Kung magkagayo'y makikita ng aking kaaway, at kahihyan ang tatakip sa kaniya; na nagsabi sa aking, Saan nandoon ang PANGINOON iyong Dios? Mamasdan siya ng mga mata ko; siya nga'y yayapakan na parang putik ng mga langganan. 11 Kaarawan ng pagtatayo ng iyong mga kuta! Sa kaarawan yaon ay malalayo ang pasiya. 12 Sa kaarawan yaon ay paroroon sila sa iyo, mula sa Asiria, at mga ciudad ng Egipto, at mula sa dagat at dagat, at mula sa bundok at bundok. 13 Gayon may magiging giba ang lupa dahil sa kanila na tumatahan doon dahil sa bunga ng kanilang mga gawa.

14 Pakanin mo ang iyong bayan ng iyong tungkod, ang kawan ng iyong mana, na tumatahang mag-isa, sa gubat sa gitna ng Karmel: pakanin mo sila sa Basan at sa Gilead gaya ng mga araw ng una. 15 Gaya ng mga araw ng iyong paglabas sa lupain ng Egipto ay aking pagpapakitaan siya ng mga kagilagilalas na mga bagay. 16 Makikita ng mga nasyon, at mga mapapahiya sa boo nilang kapangyarihan: kanilang ilalagay ang kanilang kamay sa kanilang bibig, ang kanilang mga pakinġ ay mabibiġi. 17 Kanilang lihimuran ang alabok na

gaya ng ahas; gaya ng mga umuusad na bagay sa lupa sila'y lalabas na naunginginig sa kaniyang mga kulungan: sila'y lalapit na may takot sa PANGINOONG ating Dios, at matatakot dahil sa iyo. 18 Sino ang Dios na gaya mo, na nagpapatawad ng kasam-an, at pinalalagpas ang pag-salangsang ng nalabi sa kaniyang mana? Hindi niya pipigil ang kaniyang galit ng magpakailan man, sapagka't siya'y

maaliwin sa kahabagan. 19 Siya'y magbabalik uli, at magkakaroon ng habag sa atin: kaniyang yayapakan ang ating kasam-an: at kaniyang ihahagis ang lahat nating kasalanan sa mga kalaliman ng dagat. 20 Iyong tutuparin ang katotohlanan kay Jakob, at ang kaawaan kay Abraham, na iyong isinumpa sa aming mga magulang mula ng mga araw ng una.

## NAHUM.

1 Ang pasan ng Nineve. Ang libro ng malikmata ni Nahum na Elkosita.

2 Ang PANGINOON ay mapanibughuing Dios at mapanghiganti; ang PANGINOON ay mapanghiganti at puno ng pag-iinit; ang PANGINOON ay nanghihiganti sa kaniyang mga kaaway, at siya'y nagtatahan ng pag-iinit sa kaniyang mga kaaway. 3 Ang PANGINOON ay bayayad sa pagkagalit, at dakila sa kapangyarihan, at sa ano mang paraan ay hindi lalinawin ang salarin: ang daan ng PANGINOON ay sa ipoipo at sa bagyo, at ang mga alapaap ay siyang alabok ng kaniyang mga paa.

4 Kaniyang sinasaway ang dagat at pinatutuyo, at tinutuyo ang lahat na ilog: ang Basan ay nanlalata, at ang Karmel, at ang bulaklak ng Lebano ay nalalanta.

5 Ang mga bundok ay nangingilabot sa kaniya, at ang mga burol ay natutunaw; at ang lupa'y lumilindol sa kaniyang harap, oo, ang sanlibutan at ang lahat na tumatahan doon.

6 Sino ang makatatayo sa harap ng kaniyang pagkagalit? at sino ang makatatahan sa kabagsikan ng kaniyang galit? ang kaniyang pag-aalab ng loob ay bumubuhos na parang apoy, at ang mga malaking bato ay napipiraso sa pamamag-itan niya. 7 Ang PANGINOON'y mabuti, katibayan sa ka-arawan ng kabagabagan; at nakikilala niya yaong mga naglalagak ng kaniyang pag-asa sa kaniya. 8 Ngunit sa pamamag-itan ng mamumugpaw na baha ay kaniyang lubos na wawakasan ang lugar ng kaaway, at hahabulin ang kaniyang mga kaaway sa kadiliman. 9 Ano ang inyong iniisip laban sa PANGINOON?

siya'y gagawa ng lubos na kawakasan: ang pagkapighati ay hindi titindig na ikalawa. 10 Sapagka't baga man sila'y maging parang mga salasalabat na tinik, at maging naglalamira na gaya sa kaniyang inumin, sila'y lubos na masusupok na parang tuyong kusot. 11 May lubas na isa sa iyo, na nag-iisip ng kasam-an laban sa PANGINOON, na pumapayo ng ma ama. 12 Ganito ang sabi ng PANGINOON: Baga man sila'y nasa lubos na kalakasan, at totoong marami, gayon man sila'y mababagsak, at daraan siya. Baga mau pinighati kita, hindi na kita pipighatiin pa. 13 At ngayo'y aking sisirain ang kaniyang pamatok na nasa iyo, at aking gigibain ang iyong mga paningkaw.

14 At ang PANGINOON ay nagbigay ng utos tungkol sa iyo, na sino man sa iyong pangalan ay huag matanim: sa bahay ng iyong mga dios ay aking ihihihalay ang larawang hinichurahan at ang larawang binubo; aking gagawin ang iyong libingan; sapagka't ikaw ay masama. 15 Narito, nasa ibabaw ng mga bundok ang mga paa niyaong nagdadala ng mga mabuting balita, na naghahayag ng kapayapaan! Ipagdiwang mo ang iyong mga kapistahan, Oh Juda, tuparin mo ang iyong mga panata: sapagka't ang masama ay hindi na daanan pa sa iyo; siya'y lubos na nahihalay.

2 Siyang lumalapa ay sumampa sa harapan mo: ingatan mo ang katibayan, bantayan mo ang daan, palakasin mo ang iyong mga balakang, patibayin mo ang iyong kapangyarihan na makapangyarihan. 2 Sapagka't ibinabalik ng PANGI-

NOON ang karangalan ng Jakob na gaya ng karangalan ng Israel: sapagka't ang mga mamunyo ay mga tumuyo sa kanila, at sinira ang mga sangá ng kanilang mga puno ng uvas. **3** Ang kalasag ng kaniyang mga makapangyarihang lalaki ay pumula, ang matapang na lalaki ay nakakundiman: ang mga karro ay kumikislap ng patalim sa kaarawan ng kaniyang paglahanda, at ang mga sibat ay umuu-gang kakilakilabot. **4** Ang mga karro ay nag-nulol sa mga lansangan, mga nag-kakabangaang isa't isa sa mga inaluang na daan: ang hichura nila ay parang mga tang-law, mga tumatakabong parang mga kidlat. **5** Naaalala niya ang kaniyang mga bayani: sila'y natitised sa kanilang paglakad; sila'y nagmamadali sa kuta noon, at ang panakip ay handa. **6** Ang mga pintuang-daan ng mga ilog ay bukas, at ang palacio ay nalalansag. **7** At ang Huzab ay nahubdan, siya'y dinala, at ang kaniyang mga alilang babaye ay tumatangi sa gaya ng voces ng mga kalapati, na dumadagok sa kanilang mga dibdib. **8** Datapait ang Nineve mula ng una ay naging gaya ng lawa ng tubig: gayon ma'y tumataanan: Tigil kayo, tigil kayo, *tsimisigaw nila*; ngumi't walang lumilingon. **9** Kunin ninyo ang samsam na pilak, kunin ninyo ang samsam na gintu: sapagka't walang wakas sa kayamanan na isang kalualhatian sa lahat ng maligayang kasangkapan. **10** Siya'y tuyo at walang laman, at giba: at ang puso ay natutunaw, at mga tuhod ay nagkakaumpugan, at ang pagdaramdan ay nasa lahat ng mga balakang, at ang mga mukha nilang lahat ay namumutla. **11** ¿Saan nandoon ang yungib ng mga leon, at ang lugar na sababan ng mga batang leon, na nililibutan ng leon at ng leona, ng anak ng leon at walang nagpapapaninginig sa kanila? **12** Ang leon ay kumakatay ng sagana para sa kaniyang mga anak, at lumalapa para sa kaniyang mga leona, at pinupuno ang kaniyang mga yungib ng huli, at ang kaniyang yungib ng bihag. **13** Narito, ako'y laban sa iyo, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, at aking susunugin ang kaniyang mga karro sa usok, at lalamunin ng tabak ang iyong mga batang leon: at aking ihihiwalay ang iyong huli sa lupa, at ang voces ng iyong mga sugo ay hindi na didingin.

**3** ¡Sa aba ng mabangis na ciudad! siya'y punong lubos ng kabulaanan at mga agaw; ang huli ay hindi pinawawalan.

**2** *Nuririnig* ang ingay ng panghampas, at ang ingay ng pibit ng mga gulong; at ng mga madambang kabayo, at ng lukso ng mga karro; **3** ng sakay ng mga mangangabayo, at ng kinang ng tabak; at ng kislap ng sibat; at isang karamihan na patay, at malaking buntun ng mga bangkay: at walang wakas ng mga bangkay; sila'y natitised sa kanilang mga bangkay: **4** dahil sa karamihan ng pakikiapid ng ninugandang dalahira, na panguna ng pangagaway, na nagbibili ng mga nacion sa pamamag-itan ng kaniyang pakikiapid, at mga kamag-anakan sa pamamag-itan ng kaniyang mga pangagaway. **5** Narito, ako'y laban sa iyo, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, at aking ilililis ang iyong laylayan sa harap mo; at aking ipakikita sa mga nacion ang iyong kahubaran, at sa mga kaharian ang iyong kahiyaan. **6** At aking ihahagis sa iyo ang kasuklamsuklam na karumihan, at gagawin kitang masama, at ilalagay kitang pinukakutya. **7** At mangyayari, na ang lahat na makakakita sa iyo, ay ilas sa iyo, at magsasabing: Ang Nineve ay sira: ¿sinong mananaghoy sa kaniya? ¿saan ako hahanap ng mga mang-aaliw sa iyo? **8** ¿Ikaw ba'y mahusay pa kay No-amon, na nauupo sa gitna ng mga ilog, na may tubig sa palibot niya; na ang katibaya'y ang dagat, at ang kaniyang kuta ay nasa dagat? **9** Etiopia at Egipto ang kaniyang mga naging katibayan, at walang hangan; Put at Lubim ang iyong mga naging katulong. **10** Gayon ma'y siya'y nadala, siya'y nasok sa pagkabihaag: ang kaniyang mga anak naman ay nakatay sa dulo ng lahat ng lansangan: at pinagsapalaran ang kaniyang mga marangal na tawo, at ang lahat niyang mahal na tawo ay nasabiran ng mga tanikala. **11** Ikaw naman ay malalangó, ikaw ay matatago; ikaw naman ay hahanap ng katibayan dahil sa kaaway. **12** Lahat ng iyong kuta ay magiging *parang* puno ng higos, na may unang hinog na higos: kung mga ugugin nangalalaglag sa bibig ng kumakain. **13** Narito, ang iyong bayan sa gitna mo ay mga babaye: ang mga pintuang-daan ng iyong lupain ay nabubukas ng maluung sa iyong mga kaaway: nilamon ng apoy ang iyong mga trankahan. **14** Umigib ka ng tubig para sa pagku-long, tibayan mo ang iyong mga katibayan: masok ka sa putikan at yapakan mo ang argamasa, tibayan mo ang hurno ng



ladrillo. 15 Doon lalamunin ka ng apoy; ihihwalay ka ng tabak, lalamunin kang parang balang yelek: magpakarami kang parang balang yelek, magpakarami kang parang balang arbeh. 16 Iyong pinarami ang iyong mga mangangalakal kay sa mga bituin sa langit: ang balang yelek ay sumasamsam at lumilipad. 17 Ang iyong mga pangulo ay parang balang arbeh, at ang iyong mga puno ay parang kawan ng balang gob, na lumalagap sa mga bakod sa araw na malamig, ngunit pagka ang araw ay sumisikat

silay lumilipad, at ang kanilang lugar ay hindi alam kung saan sila nandoon. 18 Ang iyong mga pastor ay natutulog, Oh hari ng Asiria: ang iyong mga bayani ay nagpapahinga: ang iyong bayan ay nangangalat sa mga bundok, at walang magpisan sa kanila. 19 Walang kagamutan sa iyong sugat: ang iyong sugat ay mabigat: labat na makarinig ng balita sa iyo ay pumapakpak ng kamay tungkol sa iyo; sapagka't kanino hindi nagdaang palagi ang iyong kasam-an?

## HABAKUK.

1 Ang pasan na nakita ni Habakuk na profeta.

2 Oh PANGINOON, hangang kailan dadaing ako, at hindi mo. didingin? ako'y dadaing sa iyo dahil sa pangdadahas, at hindi ka magliligtas. 3 Bakit pinagpapakitaan mo ako ng kasam-an, at iyong pinamamasdan ang kasam-an? sapagka't ang pagsamsam at pangdadahas ay nasa harap ko: at may pagtatalo, at usapin ay ibinubunga. 4 Kaya't ang kautusan ay natitigil, at ang kahatulan ay hindi lumalabas kailan man: sapagka't kinukulung ng masama ang banal; kaya't ang kahatulan ay lumalabas na masama. 5 Magmasid kayo sa mga nasyon, at inyong kuruin, at kamanghaan ninyo ng boong kamanghaan: sapagka't ako'y gumagawa ng isang gawa sa inyong mga kaarawan, na hindi ninyo paniniwalaan baga man saysayin sa inyo. 6 Sapagka't, narito, aking itinindig ang mga Kaldeo, na mapait at nagmamadaling nasyon; na lumalakad sa kaluañgan ng lupa, upang mag-ari ng mga tahanan ng lugar na hindi kanila. 7 Sila'y kakilakilabot at nakatatakot: ang kanilang kahatulan at ang kanilang karangalan ay mula sa kanilang sarili. 8 Ang kanilang mga kabayo naman ay mga maliksi kay sa mga leopardo, at mabangis-kay sa lobo sa gabi; at ang kanilang mga mangangabayo ay nangakakalat: oo, ang kanilang mga mangangabayo ay nangagaling sa malayo; sila'y lumilipad na pa-

rang aguilá na nagmamadali upang lumamon. 9 Sila'y napariritong lahat sa pangdadahas; ang kanilang mga mukha ay nangakatitig na parang hangin nganangan; at sila'y nagpipisan ng mga bihag na parang buhangin. 10 Oo, sila'y tumutuya sa mga hari, at ang mga puno ay katuyaan sa kaniya: kaniyang kinukutya ang bawat katibayan; sapagka't kaniyang ibinubuntan ang atabok, at sinasakop. 11 Kung magkagayo'y siya'y paggispis na parang hangin, at magdaraan, at magiging salarin: siya na ang kapangyarihan ay ang kaniyang dios. 12 Di ba ikaw mula sa walang hangin, Oh PANGINOON aking Dios, aking Santo? kami ay hindi mamamatay, Oh PANGINOON: iyong inihalal sa kaniya para sa kahatulan; at ikaw, Oh Bato, ay iyong itinatang siya na pinakasaway. 13 Ikaw na may mga matang malinis kay sa tumingin ng kasam-an, at hindi ka makatitingin sa kasam-an bakit iyong minamasdan ang mga gumagawa ng paglililo, at tumatahimik ka, sa bagay ay sinasakmal ng masama ang tawo na lalong banal kay sa kaniya; 14 at kaniyang ginagawa ang mga tawo na parang mga isda sa dagat, na gaya ng mga umunsad na walang nagpupuno sa kanila? 15 Kaniyang itinataas silang lahat ng binguit, kaniyang hinuhuli sila sa kaniyang dala, at kaniyang pinipisan sila sa kaniyang lambat: kaya't siya'y nagagalak at siya'y masaya. 16 Kaya't siya'y naghahayin sa kaniyang

dala, at nagsusunog ng kamanyan sa kaniyang lambat; sapagka't sa pamamagitan ng mga yaoy ang kaniyang bahagi ay mataba, at ang kaniyang pagkain ay sagana. 17 Matutuyo nga ba ang kaniyang lambat, at hindi mahalabag na pumatay na palagi sa mga nasyon?

2 Ako'y tatayo sa aking bantayan, at lalagay ako sa moog, at titingin upang makita ko kung ano ang kaniyang sasulitain sa akin, at kung ano ang aking isasagot tungkol sa aking daing. 2 At ang PANGINOON ay sumagot sa akin, at nagsabing: Isulat mo ang malikmata, at iukit mo na malinaw sa mga tabla upang mabasang matulin. 3 Sapagka't ang malikmata ay para sa panahong takda pa, at nagmamadali sa pagkatapos, at hindi magbubulaan: бага man nagluluat ay hintayin mo; sapagka't walang pagsalang darating, hindi magtatagal. 4 Narito, ang kaniyang kalulua ay nagpapalalo, hindi tapat sa kaniya: ngunit ang banal ay mabubuhay sa pamamagitan ng kaniyang pananampalataya. 5 Oo, bukod dito'y, ang alak ay mangagawang magdaraya, isang lalaking hambog, at hindi natitira sa bahay: na lumaki ang kaniyang nasa na parang inferno, at siya'y parang kamatayan, at hindi mabusog, kungdi pinipisan sa kaniya ang lahat na nasyon, at ibinubunton sa kaniya ang lahat na mga bayan. 6 Hindi ba ang lahat ng ito ay magsasaysay ng talinhaga laban sa kaniya, at ng nakagagalit na kawikaan laban sa kaniya, at nagsasabing, Sa aba niya na nagpaparami ng di kaniya! hangang kailan? at nagpapasan siya sa kaniya ng mga sanla!

7 Hindi ba sila magtitindig na bigla na kakagatin ka, at nagsisigising na babagabagin ka, at ikaw ay magiging samsam sa kanila? 8 Sapagka't iyong sinamsaman ang maraming mga nasyon, lahat ng nalabi sa mga bayan ay sasamsam sa iyo; dahil sa dugo ng mga tawo, at dahil sa kadahasang ginawa sa lupain, sa ciudad at sa lahat ng tumatahan doon.

9 Sa aba niya na nag-iimpok ng masamang pakinabang sa kaniyang bahay, upang mailagay ang pugad niya sa itaas, upang siya'y maligtas sa kamay ng kasam-an! 10 Ikaw ay pumayo ng ikahihiya sa iyong bahay, sa paghihiwalay ng maraming bayan, at ikaw ay nagkasala laban sa iyong kalulua. 11 Sapagka't ang bato ay dadaing mula sa kuta, at ang sikang mula sa kakahuyan ay sasagot.

12 Sa aba niya na nagtatayo ng bayan sa pamamagitan ng dugo, at nagtatatag ng ciudad sa pamamagitan ng kasam-an!

13 Narito, hindi ba dahil sa PANGINOON ng mga hukbo, na ang mga bayan ay gumawa para sa apoy, at ang mga nasyon ay mapagod sa walang kabuluhan?

14 Sapagka't ang lupa ay mapupuno ng kaalaman ng kalualhatian ng PANGINOON, gaya ng pagtakip ng tubig sa dagat.

15 Sa aba niya na nagpapainom sa kaniyang kapua, na nagpapakalalo ka sa iyong lason, at nilalasing mo naman siya, upang iyong masdan ang kaniyang kahubaran! 16 Ikaw ay nalilipos ng kahihyan sa lugar ng kalualhatian: uminon ka naman, at maging parang isang hindi tuli: ang kaliz ng kanau ng PANGINOON ay mababalik sa iyo, at kasuklamsuklan na kahiyaan ang malalagay sa iyong kalualhatian. 17 Sapagka't ang pangdadahas na ginawa sa Lebano ay tatakip sa iyo, at ang paggiba ng mga hayop na nagpapanlupaypay sa kanila; dahil sa dugo ng mga tawo, at dahil sa pangdadahas na ginawa sa lupain, sa ciudad, at sa lahat na tumatahan doon.

18 Anong napapakinabang ng larawang hinichurahan na hinichurahan ng mangagawa noon; ng binubong larawan at ng tagapagturo ng mga kasinungalingan upang ang mangagawa ng kaniyang gawa ay umasa doon, na gumawa ng mga piping idolo? 19 Sa aba niya na nagsasabi sa kahoy: Gumising ka; sa piping bato: Bumangon ka! Makapagtuturo ba ito? Narito, nababalot ng ginto at pilak, at walang hinga sa loob noon. 20 Ngunit ang PANGINOON'y nasa kaniyang santong templo: tumahimik ang lahat na lupa sa harap niya.

3 Panalangin ni Habakuk na profeta, dahil sa kamaingmangan.

2 Oh PANGINOON, aking narinig ang kabantugan mo, at ako'y natatakot: Oh PANGINOON, buhayin mo ang iyong gawa sa gitna ng mga taon, Sa gitna ng mga taon ay iyong ipakilala; Sa pagkagalit ay alalahanin mo ang kaawaan.

3 Ang Dios ay nangaling mula sa Teman,

- At ang Santo'y mula sa bundok ng Paran. [Selah.]  
 Ang kaniyang katuahatia'y tumakip sa mga langit,  
 At ang lupa'y napuno ng kaniyang mga kapurihan.
- 4 At ang kaniyang ningning ay parang liwanag;  
 Siya'y may mga sinag na lumabas mula sa kaniyang kamay:  
 At doo'y nakukubli ang kaniyang kapangyarihan.
- 5 Sa unahan niya'y yumayaon ang salot,  
 At mabangis na bala ng apoy ang lumalabas sa kaniyang mga pua.
- 6 Siya'y tumayo, at sinukat ang lupa;  
 Siya'y tumingin, at pinagbiwalay ang mga nasyon:  
 At ang mga walang hangang bundok ay nangalat,  
 Ang mga burol na magpakailan man ay nagsiyukod;  
 Ang kaniyang mga landas ay gaya ng una.
- 7 Nakita ko ang mga dampa ng Kusan sa pagkapighati:  
 Ang mga tabing ng lupain ng Midyan ay nanginig.
- 8 Kinasasaman ba ng loob ng PANGINOON ang mga ilog?  
 Ang iyo bang galit ay laban sa mga ilog,  
 O ang iyong pag-iinit ay laban sa dagat,  
 Upang ikaw ay sumakay sa iyong mga kabayo,  
 Sa iyong mga karro ng kaligtasan?
- 9 Ang iyong bosing ay nahuhubad na lubos;  
 Ang mga sumpa sa mga angkan ay tunay na salita. [Selah.]  
 Iyong hinuhukayan ang lupa ng mga ilog.
- 10 Nakita ka ng mga bundok, at nangatakot;  
 Ang baha ng mga tubig ay dumaan:  
 Itinaas ng kalaliman ang kaniyang voces,  
 At itinaas ang kaniyang mga kamay sa itaas.
- 11 Ang araw at buan ay tumigil sa kanilang tahanan;  
 Sa liwanag ng iyong mga pana habang sila'y yumayaon,  
 Sa kislap ng iyong makinang na sibat.
- 12 Ikaw ay lumakad sa mga lupain sa iyong kagalitan,  
 Iyong giniiik ang mga nasyon sa galit.
- 13 Ikaw ay lumabas para sa kaligtasan ng iyong bayan,  
 Para sa kaligtasan ng iyong pinahiran;  
 Iyong sinugatan ang pangulo ng bahay ng masama.  
 Na inililitaw ang cimiento sa itaas at sa ibaba. [Selah.]
- 14 Iyong mga pinalagpasan ng kaniyang sariling mga sibat ang ulo ng kaniyang mga mangbabaka;  
 Sila'y naparitong parang ipoipo upang pangalatin ako:  
 Ang kanilang kagalakan ay lamunin na lihim ang dukha.
- 15 Ikaw ay lumakad sa dagat ng iyong mga kabayo,  
 Sa buntong ng mga makapangyarihang tubig.
- 16 Aking narinig, at ang aking tiyan ay nangilabot,  
 Ang aking mga labi ay nangatal sa voces;  
 Ang pagkabulok ay nasok sa aking mga buto, at ako'y nanginig sa aking lugar:  
 Upang ako'y makapagpahinga sa karawan ng kabagabagan,  
 Pagsampa ng bayan na sumasalakay sa kaniya ng kanilang mga hukbo.
- 17 Sapagka't бага ma't ang puno ng higos ay hindi mamumulaklak,  
 O magakaroon man ng bunga sa mga puno ng ulas;  
 Ang bunga ng olivo ay nalalaglag,  
 At ang mga bukid ay hindi magbibigay ng pagkain;  
 Ang kawan ay mahihiwalay sa kulungan,  
 At hindi na magkakaroon ng bakahan sa mga pasabsaban:
- 18 Gayon ma'y ako'y magagalak sa PANGINOON,  
 Ako'y magagalak sa Dios ng aking kaligtasan.
- 19 Si Jehova na Panginoon, siyang aking lakas,  
 At ginagawa niya ang aking mga paa ng gaya ng sa mga usa.  
 At ako'y palalakaran niya sa aking mga mataas na lugar.  
 Sa Punong Musiko, sa aking mga instrumentong may cuerda.

# ZEFANIAS.

1 Ang salita ng PANGINOON na dumating kay Zefanias na anak ni Kusi, na anak ni Gedalias, na anak ni Amarias, na anak ni Hezekias, sa mga kaarawan ni Josias na anak ni Amon, na hari sa Juda.

2 Aking lubos na lilipulin ang lahat na mga bagay sa balat ng lupa, wika ng PANGINOON. 3 Aking lilipulin ang tawo at ang hayop; aking lilipulin ang mga ibon sa himpapawid, at ang mga isda sa dagat, at ang mga katitisan na kasama ng mga masama; at aking ibihwalay ang tawo sa balat ng lupa, sabi ng PANGINOON. 4 At aking iunat ang aking kamay sa Jerusalem; at aking ilihwalay ang nalabi kay Baal sa lugar na ito, at ang pangalan ng Kemarim sampuo ng mga sacerdote niya; 5 at ang mga sumasamba sa hukbo ng langit sa mga pulupo ng bahay; at ang mga sumasamba na nantunumpa sa PANGINOON at nanunumpa sa pangalan ni Malkam; 6 at ang mga humihwalay na mula sa pagsunod sa PANGINOON; at yaong mga hindi humahanap sa PANGINOON, o nag-usisa man sa kaniya.

7 Pamayapa ka sa harap ng Panginoong Dios: sapagka't ang kaarawan ng PANGINOON ay malapit na: sapagka't naghanda ang PANGINOON ng hayin, kaniyang sinanto ang kaniyang mga inanyayahan. 8 At mangyayari sa kaarawan ng paghahayin ng PANGINOON, na aking parurusahan ang mga pangulo, at ang mga anak ng hari, at ang lahat na nagsusnot ng pananamit ng taga ibang lupa. 9 At sa araw na yaon ay aking parurusahan yaong lahat na lumulukso sa pasukan, na pinupuno ang bahay ng kanilang panginoon ng pangdadahas at pagdaraya. 10 At sa araw na yaon, sabi ng PANGINOON, magkakaroon ng ingay ng hiyawan na mula sa pintuang-daan ng isda, at ng pag-ungal mula sa ikalawang bahagi, at malaking hugong na mula sa mga burol. 11 Kayo'y umangal, kayong mga tumatahan sa Maktesh, sapagka't ang boong bayan ng Kanaan ay nagiba: yaong lahat na napapasanan ng pilak ay nahihwalay. 12 At mangyayari sa panahong yaon, na aking sisiyasin na may mga

pananlaw ang Jerusalem; at aking parurusahan ang mga lalaki na umuupo sa kanilang mga dumi, na nagsasabi sa kanilang puso: Ang PANGINOON ay hindi gagawa ng mabuti, o gagawa man siya ng masama. 13 At ang kanilang kayamanan ay magiging samsam, at ang kanilang mga bahay ay kagibaan: oo, sila'y magtatayo ng mga bahay, nguni't hindi nila mga titirahan; at sila'y magtatanim ng mga uvasan, nguni't hindi sila iinom ng alak noon. 14 Ang dakilang kaarawan ng PANGINOON ay malapit na, malapit na, at nagmamadaling malnam ang tinig ng kaarawan ng PANGINOON; ang makapangyarihang tawo ay sumisigaw doon ng kapaitpaitan. 15 Ang araw na yaon ay kaarawan ng kagalitan, kaarawan ng kabagabagan at kapanlawan, kaarawan ng pag-iisa at paggiba, kaarawan ng kadiliman at kalumbayan, kaarawan ng mga alapaap at pagsasalimuot ng kadiliman, 16 kaarawan ng pakakak at ng kaingay, laban sa mga ciudad na nakukutaan, at laban sa matataas na kuta. 17 At aking dadalhan ng kapanlawan ang mga tawo, na sila'y lalacad na parang mga bulag, sapagka't sila'y nagkasala laban sa PANGINOON: at ang kanilang dugo ay mabubuhos na parang alabok, at ang kanilang laman ay parang dumi. 18 Kahi't ang kanilang pilak o ang kanilang ginto man ay hindi makapagligtas sa kanila: sa araw ng kagalitan ng PANGINOON; kungdi ang boong lupain ay masusupok sa pamamagitan ng apoy ng kaniyang panibugho: sapagka't siya'y gagawa ng wakas, oo, isang kakilakilabot na wakas, nilang lahat na tumatahan sa lupain.

2 Kayo'y magpipisan, oo, magpipisan, Oh nasyon ua walang hiya; 2 bago ang pasiya'y lumabas, bago ang kaarawan ay dumaang parang dayami, bago ang mababagsik na galit ng PANGINOON ay dumating sa inyo, bago ang kaarawan ng galit ng PANGINOON ay dumating sa inyo. 3 Hanapin ninyo ang PANGINOON, niyong lahat na maamo sa lupa, na gumawa ng kaniyang kahatulan; hanapin ninyo ang kabanalan, hanapin ninyo ang kaamanan: marahil ay matatago kayo sa kaarawan ng galit ng PANGINOON.

4 Sapagka't ang Gaza ay pababayaan, at ang Askelon ay magiging kagibaan: kanilang palalayasin ang Asdod sa katanghaliang tapat, at ang Ekron ay mabubunot. 5 | Sa aba ng mga tumatahan sa baybayin ng dagat, sa nacion ng mga Kereteo! Ang salita ng PANGINOON ay laban sa iyo, Oh, Kanaan, na lupa ng mga Filisteo; aking gigibain kita, upang mawalan ng mananahan. 6 At ang baybayin ng dagat ay magiging pasabsaban, na may mga dampa para sa mga pastor, at nga kulungan para sa mga kawan. 7 At ang baybayin ay mapapasa nalabi sa bahay ng Juda; sila'y magpapasabsab doon: sa mga bahay ng Askelon ay mahihiga sila sa kinagabihan; dahil sa dadalawin sila ng PANGINOONG kanilang Dios, at ibabalik sila na mula sa kanilang pagkabiha. 8 Aking narinig ang panunungyaw ng Moab, at ang mga pag-api ng mga anak ng Amon, na kanilang ipinanungyaw sa aking bayan, at nagmalaki sila ng kanilang sarili laban sa kanilang hanganan. 9 Buhay nga ako, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel: Walang pagsalang ang Moab ay magiging parang Sodoma, at ang mga anak ng Amon ay parang Gomorra, pag-aari na mga dawag, at hukay na asin, at isang pagkasirang palagi: mga sasamsamin ng nalabi sa aking bayan, at mga mamahalinh ng nalabi sa aking nacion. 10 Ito ang kanilang mapapala sa kanilang pagpapalalo, sapagka't sila'y nanungyaw at nagmalaki ng kanilang sarili laban sa bayan ng PANGINOON ng mga hukbo. 11 Ang PANGINOON magiging kakilakilabot sa kanila: sapagka't kaniyang gugutumin ang lahat ng dios sa lupa; at sasambahin siya ng mga tawo, ng baw't isa mula sa kanikaniyang lugar, ng lahat na pulo ng mga nacion. 12 Kayong mga taga Etiopia namau ay papatayin sa pamamagitan ng aking tabak. 13 At kaniyang iunat ang kaniyang kamay laban sa hilagaan, at gigibain ang Asiria; at ang Nineve ay gagawing isang kagibaan, at tutuyuing parang ilang. 14 At mga bakaha'y hihiga sa gitna niya, lahat ng hayop ng mga nacion: ang pelikano at gayon din ang baboy-damo ay tatahan sa mga pasukan niya: ang kanilang voces ay aawit sa mga dungawan: pagkagiba'y sasa mga pasukan: dahil sa kaniyang inilagay na lubad ang mga gagawing kahoy na cedro. 15 Ito ang masayang ciudad na tumatahang walang

bahala, na nagsasabi sa kaniyang puso: Ako nga at walang iba liban sa akin, bakit siya'y naging kagibaan, naging lugar na higaan para sa mga hayop! lahat na daraan sa kaniya ay susutsot, at igagalaw ang kaniyang kamay.

3 | Sa aba niya na mapanghimsik at nabawa, sa mapagpighating ciudad! 2 Siya'y hindi sumunod sa voces; siya'y hindi tumanggap ng saway; siya'y hindi umasa sa PANGINOON; siya'y hindi lumapit sa kaniyang Dios. 3 Ang mga pangulo niya sa gitna niya ay mga leong umuungal; ang mga hukom niya ay mga lobo sa gabi; sila'y walang inilalabi hangang sa kinatamagahan. 4 Ang kaniyang mga profeta ay mga walang kabuluhan, at mga magdarayang tawo: dinumhan ng kaniyang mga sacerdote ang santuario, sila'y gumawa ng pagdahas sa kautusan. 5 Ang PANGINOON sa gitna niya ay banal; siya'y hindi gagawa ng kasam-an; tuing umaga'y kaniyang dinadala ang kaniyang kahatulan sa kaliwanagan, siya'y hindi nagkukulang; nguni't ang hindi banal ay hindi nakakaalam ng kahihayan. 6 Ako'y naghiwalay ng mga nacion, ang kanilang mga kuta ay lansag; aking inalig ang kanilang mga lansangan upang walang makaraan: ang kanilang mga ciudad ay sira, na ano pa't walang lalaki, na walang tumatahan. 7 Aking sinabing, Walang pagsalang ikaw ay matatakot sa akin, ikaw ay tatanggap ng saway; sa gayo'y ang kaniyang tahanan ay hindi mahihawalay, lahat na aking itinakda ayon sa kaniya: nguni't sila'y nagbangong maaga, at kanilang sinira ang lahat nilang gawa. 8 Kaya't hintayin ninyo ako, sabi ng PANGINOON, hangang sa kaarawan na ako'y magbangon sa panghuhuli: sapagka't ang aking pasiya ay pisanin ang mga nacion, upang aking mapisan ang mga kaharian, ng maibuhos ko sa kanila ang aking galit, ang lahat ng aking mabangis na galit; sapagka't ang boong lupa ay lalamunin ng apoy ng aking kapanibughuan. 9 Sapagka't akin ngang sasaulian ang mga bayan ng dalisay na wika, upang silang lahat ay tumawag sa pangalan ng PANGINOON, na paglingluran siya na may pagkakaisa. 10 Mula sa dako roon ng mga ilog ng Etiopia, ang aking mga nagsisipamanhik, ang anak na babaye ng aking nalansag ay magdadala ng aking handog. 11 Sa araw na yaoy hindi ka mapapahiya dahil sa lahat ng iyong gawa, na iyong

isinalangsang laban sa akin: sapagka't akin ngang inalis sa gitna mo ang iyong mga nagpapalalagong nagsasaya, at hindi ka na magpapalalo pa sa aking santong bundok. **12** Kungdi aking iiwan sa gitna mo ang isang pighati at maralitang bayan, at sila'y aasa sa pangalagong ng PANGINOON. **13** Ang nalabi sa Israel ay hindi gagawa ng kasam-an, o magsasalita man ng mga kabulaanan; o masusumpungnan man ang isang magdarayang dila sa kanilang bibig: sapagka't sila'y kakain at hihiga, at walang sa kanila'y magpapapanginig. **14** Umawit ka, Oh anak na babaye ng Zion; humiyaw ka, Oh Israel; ikaw ay matua at magalak ng boong puso, Oh anak na babaye ng Jerusalem. **15** Inalis ng PANGINOON ang iyong mga kahatulan, kaniyang iniwaksi ang iyong kaaway: ang hari ng Israel, ang PANGINOON, ay nasa gitna mo: hindi ka na matatakot sa kasam-an pa. **16** Sa araw na yaon ay sasabihin sa Jerusalem: Huag kang matakot: Oh Zion, huag manghina

ang iyong mga kamay. **17** Ang PANGINOON ang iyong Dios ay nasa gitna mo, na makapangyarihan na magliligtas: siya'y magalak sa iyo ng kagalakan, siya'y magpapahinga sa kaniyang pagsinta, siya'y magagalak sa iyo na may pag-awit. **18** Aking mga pipisanin yaong mga namamanlaw dahil sa dakilang kapisanan, na sila'y mga naging iyo: na ang pasan sa kaniya ay isang kakutyuan. **19** Narito, sa panahong yao'y aking gagawin sa lahat na mga pumipighati sa iyo: at aking ililigtas ang napipilay, at aking aamponin ang pinalayas, at aking gagawin silang kapurihan at kabantugan, na ang kahihayan ay napasa boong lupa. **20** Sa panahong yao'y aking ipapasok kayo, at sa panahong yao'y aking pipisanin kayo: sapagka't aking gagawin kayong kabantugan at kupurihan sa gitna ng lahat ng bayan sa lupa, pagka aking ibinalik ang inyong pagkabiha sa harap ng inyong mga mata, sabi ng PANGINOON.

## HAGAI.

**1** Ng ikalawang taon ni Darius na hari, sa ikaanim na buan, sa unang araw ng buan, dumating ang salita ng PANGINOON sa pamamag-itan ni Hagai na profeta kay Zerubabel na anak ni Sealtiel, na gobernador sa Juda, at kay Josue na anak ni Jehozadak na dakilang sacerdote, na nagsasabing, **2** Ganito ang sinasalita ng PANGINOON ng mga hukbo, na sinabing: Ang bayang ito'y nagsasabing: Hindi pa dumarating ang panahon, ang panahon ng pagtatayo ng bahay sa PANGINOON. **3** Ng magkagayo'y dumating ang salita ng PANGINOON sa pamamag-itan ni Hagai na profeta, na sinabing, **4** Panahon ba sa inyo na tumahan sa inyong mga nakikisamihang bahay, samantalang ang bahay na ito ay namamalaging sira? **5** Ngayon nga'y ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Bulayin ninyo ang inyong lakad. **6** Kayo'y naghahasik ng marami at umaani ng kaonti; kayo'y kumakain, nguni't hindi kayo nabubusog; kayo'y umiinom, nguni't hindi kayo napapa-

tirang-uhaw; kayo'y nananamit, nguni't walang init; at yaong kumikita ng mga pinag-arawan ay kumikita ng mga pinag-arawan upang ilagay sa supot na may mga butas. **7** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Bulayin ninyo ang inyong mga lakad. **8** Sumampa kayo sa bundok, at magdala ng kahoy, at magtayo kayo ng bahay; at ako'y mafiligaya doon, at ako'y lulualhati, sabi ng PANGINOON. **9** Kayo'y naghihintay ng marami, at, narito, dumating ay kaonti; at ng inyong dalhin sa bahay, aking himpan. **10** Bakit? sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. Dahil sa ang aking bahay ay namamalaging sira, samantalang kayo'y tumatakbo bawala't isa sa kaniyang sariling bahay. **10** Kaya't dahil sa inyo, pinipigil ng langit ang hamog, at ikinakait ng lupa ang kaniyang bunga. **11** At ako'y tumawag ng katuyuan sa lupa, at sa mga bundok, at sa trigo, at sa alak, at sa langis, at sa sumisibel sa lupa, at sa mga tawo, at sa baka, at sa lahat ng gawa ng mga kamay.

12 Ng magkagayo'y si Zerubabel na anak ni Sealtiel, at si Josue na anak ni Jehozadak, na dakilang sacerdote, sampuo ng boong nalabi sa bayan, sumunod ng voces ng PANGINOONG kanilang Dios, at ng mga salita ni Hagai na profeta, kung paanong ipinasugo ng PANGINOONG kanilang Dios sa kaniya; at ang bayan ay natakot sa harap ng PANGINOON. 13 Ng magkagayo'y nagsalita si Hagai, na sugo ng PANGINOON sa pasugo ng PANGINOON sa bayan, na nagsabing, Ako'y sumasainyo, sabi ng PANGINOON. 14 At inudyukan ng PANGINOON ang espiritu ni Zerubabel na anak ni Sealtiel, na gobernador sa Juda, at ang espiritu ni Josue na anak ni Jehozadak na dakilang sacerdote, at ang espiritu ng boong nalabi sa bayan; at sila'y napa-roon, at gumawa sa bahay ng PANGINOON ng mga hukbo, na kanilang Dios, 15 sa ikadalawang puo't apat na araw ng buan sa buang ikaanim, sa ikalawang taon ni Darius na hari.

2 Ng ikapitong buan, sa ikadalawang puo't isa ng buan, dumating ang salita ng PANGINOON sa pamamag-itan ni Hagai na profeta, na nagsabing, 2 Salitain mo ngayon kay Zerubabel na anak ni Sealtiel, na gobernador sa Juda, at kay Josue na anak ni Jehozadak, na dakilang sacerdote, at sa nalabi sa bayan, na sabihin mong: 3 ¿Sino ang naiwan sa inyo nanakakita ng bahay na ito sa kaniyang unang kalualhatian? at ¿paanong inyong nakikita ngayon? ¿hindi ba sa inyong mga mata ay parang wala? 4 Gayon ma'y magpakalakas ka ngayon, Oh Zerubabel, sabi ng PANGINOON; at magpakalakas ka, Oh Josue, na anak ni Jehozadak, na dakilang sacerdote; at magpakalakas kayo, kayong boong bayan sa lupain, sabi ng PANGINOON, at kayo'y gumawa: sapagka't ako'y sumasainyo, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, 5 ayon sa salita na aking itinipan sa inyo ng kayo'y umalis sa Egipto, at ang aking espiritu ay tumahan sa inyo: huag kayong matakot. 6 Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Minsan na lamang, sandaling panahon, at aking ugain ang mga langit, at ang lupa, at ang tuyong lupa; 7 at aking ugain ang lahat na nasyon, at darating ang mga nasang bagay ng lahat na nasyon, at aking pupuspin ang bahay na ito ng kalualhatian, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. 8 Ang pilak ay akin at ang ginto ay akin, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. 9 Ang

huling kalualhatian ng bahay na ito ay magiging malaki kay sa ng'una, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: at sa lugar na ito ay magbibigay ako ng kapayapaan, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo.

10 Ng ikadalawang puo't apat ng ikasiam na buan, ng ikalawang taon ni Darius, dumating ang salita ng PANGINOON sa pamamag-itan ni Hagai na profeta, na nagsabing, 11 Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Magtanong kayo ngayon sa mga sacerdote ng tungkol sa kautusan, na nagsabing, 12 Kung ang isang tawo ay may dalang santong laman sa laylayan ng kaniyang suot, at masagi ng kaniyang laylayan ay tinapay, o ulam, o alak, o langis, o ano mang pagkain, ¿magiging sauto pa ba? At ang mga sacerdote ay sumagot at nagsabing, Hindi. 13 Ng magkagayo'y sinabi ni Hagai, Kung ang sino man ay marumi dahil sa ang bangkay ay nasagi sa ano man sa mga ito, ¿magiging marumi ba? At ang mga sacerdote ay sumagot at nagsabing, Magiging marumi. 14 Ng magkagayo'y sumagot si Hagai, at nagsabing: Gayon nga ang bayang ito, at gayon ang nacion ito sa harap ko, sabi ng PANGINOON; at gayon ang baw't gawa ng kanilang mga kamay; at ang kanilang inihahandog doon ay marumi. 15 At ngayo'y isinasamo ko sa inyo, na inyong pakundanganan mula sa araw na ito at sa haharapin, bago ang bato ay mapatong sa kapua bato sa templo ng PANGINOON: 16 ng boong panahong yaon, pagka ang isa ay lumalapit sa isang buntong ng dalawang puong takal, may sampuo lamang; pagka ang isa ay lumalapit sa kamalig ng alak upang kumuha ng limang puong takal, may dalawang puong lamang. 17 Sinugatan ko kayo ng pagkalanta at ng amag at ng granizo sa lahat ng gawa ng inyong mga kamay; gayon ma'y hindi kayo nagbalik-loob sa akin, sabi ng PANGINOON. 18 Isinasamo ko nga sa inyo, na kayo'y magbulay mula sa araw na ito at sa haharapin, mula sa ikadalawang puo't apat na araw ng ikasiam na buan, mula ng araw, na ang cimiento ng templo ng PANGINOON ay ilagay, pakundanganan ninyo. 19 ¿May binhi pa ba sa kamalig? oo, ang puno ng uvas, at ang puno ng higos, at ang granada, at ang puno ng olivo ay hindi nagbunga; mula sa araw na ito ay pagpapalain ko kayo.

20 At ang salita ng PANGINOON ay

dumating na ikalawa kay Hagai ng ikadalawang puot apat ng buan, na nagsabing, **21** Salitain mo kay Zerubabel na gobernador sa Juda, na sabihing, Aking ugain ang mga langit at ang lupa: **22** at aking guguluhin ang luklukan ng mga kaharian, at aking gigibain ang lakas ng mga kaharian ng mga nasyon; at aking guguluhin ang mga karro, at yaong mga sumasakay sa kanila; at

ang mga kabayo at ang mga sakay nila ay mahuhulog, bawa't isa'y sa pamamagitan ng tabak ng kaniyang kapatid. **23** Sa araw na yaon, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, kita'y kukunin, Oh Zerubabel, na aking alipin, na anak ni Sealtiel, sabi ng PANGINOON, at gagawin kitang pinaka tanda: sapagka't pinili kita, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo.

## ZEKARIAS.

**1** Ng ikawalong buan, sa ikalawang taon ni Darius, dumating ang salita ng PANGINOON kay Zekarias na anak ni Berekias, na anak ni Iddo, na profeta, na nagsabing, **2** Ang PANGINOON'y totoong nagalit sa inyong mga magulang. **3** Kaya't sabihin mo sa kanilang: Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Magbalik kayo sa akin, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, at ako'y magbabalik sa inyo, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. **4** Huag kayong gaya ng inyong mga magulang, na siyang mga dinaingan ng mga unang profeta, na nagsabing, Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Magbalik kayo ngayon na humiwalay sa inyong mga masamang lakad, at sa inyong mga masamang gawa: nguni't hindi nila dininig o pinakingan man ako, sabi ng PANGINOON. **5** Ang inyong mga magulang, ¿saan nangandoon? at ang mga profeta, ¿nabubuhay ba silang walang hangan? **6** Nguni't ang aking mga salita at ang aking mga palatuntunan, na aking iniutos sa aking mga alipin na mga profeta, ¿hindi ba umabet sa inyong mga magulang? at sila'y nagbalik, at nagsabing, Kung paano ang inisip na gawin ng PANGINOON ng mga hukbo sa amin, ayon sa aming mga lakad, at ayon sa aming mga gawa, gayon ang ginawa niya sa amin.

**7** Ng ikadalawang puot apat na araw ng ikalabing isang buan, na siyang buan ng Sebat, sa ikalawang taon ni Darius, dumating ang salita ng PANGINOON kay Zekarias, na anak ni Berekias, na anak ni Iddo, na profeta, na nagsabing,

**8** Aking nakita ng kinagabihan, at, narito, ang isang lalaking nakasakay sa isang mapulang kabayo, at siya'y tumigil sa mga puno ng mirto na nasa pinakamababa; at sa likuran niya'y may mga kabayong mapula, alazan, at maputi. **9** Ng magkagayo'y sinabi kong: Oh panginoon ko, ¿ano ang mga ito? At ang angel na nakikipag-usap sa akin ay sumagot sa aking, Aking ipakikita sa iyo kung ano ano ang mga ito. **10** At ang lalaki na nakatigil sa mga puno ng mirto ay sumagot at nagsabing, Ang mga ito yaong mga sinugo ng PANGINOON na lumibot sa lupa. **11** At sila'y sumagot sa angel ng PANGINOON na nakatigil sa mga puno ng mirto, at nagsabing, Aming nilibot ang lupa, at, narito, ang boong lupa ay tahimik, at nagpapahinga. **12** Ng magkagayo'y ang angel ng PANGINOON ay sumagot at nagsabing, Oh PANGINOON ng mga hukbo, ¿hangang kailan hindi ka mahahabag sa Jerusalem at sa mga ciudad ng Juda, laban sa iyong mga kinagalitan nitong pitong puong taon? **13** At ang PANGINOON'y sumagot sa angel na nakikipag-usap sa akin ng mga mabuting salita, mga salitang pang-aliw. **14** Sa gayo'y ang angel na nakikipag-usap sa akin ay nagsabi sa aking: Ikaw ay humiyaw, na iyong sabihing, Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Ako'y may paninibugho sa Jerusalem at sa Zion ng malaking paninibugho. **15** At ako'y totoong sinamaan ng loob sa mga nasyon na nagwawalang bahala: ako nga'y may kaunting sama ng loob, at kanilang ipinagpatuloy na hintayin ang



pagkapighati. **16** Kaya't ganito ang sabi ng PANGINOON: Ako'y nagbalik sa Jerusalem na may mga awa; ang aking bahay ay matatayo doon, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, at isang lubid ay mauunat sa itaas ng Jerusalem. **17** Humiyaw ka pa uli, na iyong sabihing, Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Ang aking mga ciudad ay lalapad dahil sa pagkasulong; at aaliwin pa ng PANGINOON ang Zion, at pipiliin pa ang Jerusalem.

**18** At aking itinanaw ang aking mga mata, at aking nakita, at, narito, ang apat na sungay. **19** At aking sinabi sa angel na nakikipag-usap sa akin: ¿Ano kaya ang mga ito? At siya'y sumagot sa aking, Ito ang mga sungay na nagpangalat sa Juda, sa Israel, at sa Jerusalem. **20** At ipinakita sa akin ng PANGINOON ang apat na mangagawa sa bakal. **21** Ng magkagayo'y sinabi kong: ¿Ano ang ipinaritong gawin ng mga ito? At siya'y nagsalita na nagsabing: Ito ang mga sungay na nagpangalat sa Juda, na ano pa't walang lalaki na nagtaas ng kaniyang ulo: nguni't ang mga ito'y naparito upang bagabagin sila, upang ihagis ang mga sungay ng mga nasyon, na nagtaas ng kanilang mga sungay laban sa lupain ng Juda upang lansagin.

**2** At aking itinanaw ang aking mga mata, at aking nakita, at, narito, ang isang lalaki na may panukat na lubid sa kaniyang kamay. **2** Ng magkagayo'y sinabi kong: ¿Saan ka paroroon? At sinabi niya sa aking, Upang sukatin ang Jerusalem, upang tingnan kung gaano ang luang, at kung gaano ang haba. **3** At, narito, ang angel na nakikipag-usap sa akin ay umalis, at ibang angel ay lumabas na sumalubong sa kaniya, **4** at nagsabi sa kaniyang, Tumakbo ka, iyong salitain sa binatang ito, na sabihing, Ang Jerusalem ay tatahanan na parang mga nayon na walang mga kuta, dahil sa karamihan ng mga tawo at hayop doon. **5** Sapagka't ako, sabi ng PANGINOON, magiging sa kaniya'y isang kutang apoy sa palibot, at ako'y magiging kalualhatian sa gitna niya. **6** Ah, Ah, tumakas kayo mula sa lupain ng hilagaan, sabi ng PANGINOON: sapagka't kayo'y aking pinangalat na parang apat na hangin sa himpapawid, sabi ng PANGINOON. **7** Ah Zion, tumaanan ka, ikaw na tumatahan na kasama ng anak na babaye ng Babilonia. **8** Sapagka't ganito ang sabi

ng PANGINOON ng mga hukbo: Pagkatapos ng kalualhatian ay sinugo niya ako sa mga nasyon na nanamsam sa inyo: sapagka't ang humahampas sa inyo, ay humahampas sa salamin ng kaniyang mata. **9** Sapagka't narito, aking igagalaw ang aking kamay sa kanila, at sila'y magiging samsam niyaong mga naglingkod sa kanila: at inyong malalaman na ang PANGINOON ng mga hukbo ang nagsugo sa akin. **10** Ikaw ay umawit at magalak, Oh anak na babaye ng Zion: sapagka't narito, ako'y naparirito, at ako'y tataan sa gitna mo, sabi ng PANGINOON. **11** At maraming nasyon ay magpipisan sa PANGINOON sa araw na yaon, at magiging aking bayan: at ako'y tataan sa gitna mo, at iyong malalaman na ang PANGINOON ng mga hukbo ay siyang nagsugo sa akin sa iyo. **12** At mamanahin ng PANGINOON ang Juda na parang kaniyang bahagi sa santong lupain, at pipiliin pa ang Jerusalem. **13** Tumahimik ang boong laman, sa harap ng PANGINOON: sapagka't siya'y gising na sa kaniyang santong tahanan.

**3** At ipinakita niya sa akin si Josue na dakilang sacerdote na nakatayo sa harap ng angel ng PANGINOON, at si Satan na nakatayo sa kaniyang kanan upang maging kaniyang kaaway. **2** At sinabi ng PANGINOON kay Satan, Sinasaway ka ng PANGINOON, Oh Satan; oo, ang PANGINOON na pumili ng Jerusalem ay sumasaway sa iyo: ¿di ba ito'y isang dupong na naagaw sa apoy? **3** Si Josue nga ay nabibihisan ng suot na marumi, at nakatayo sa harap ng angel. **4** At siya'y sumagot at nagsalita sa mga yaon na nakatayo sa harap niya, na nagsabing, Hubarin ninyo ang mga maruming suot sa kaniya. At sa kaniya'y kaniyang sinabing, Narito, aking pinaraan ang iyong kasaman sa iyo, at aking susuotan kita ng mainam na kasuotan. **5** At aking sinabing, Suotan siya nila ng isang magandang mitra sa kaniyang ulo. Sa gayo'y sinuotan siya ng magandang mitra sa kaniyang ulo, at sinuotan siya ng mga kasuotan; at ang angel ng PANGINOON ay tumayo sa siping. **6** At ang angel ng PANGINOON ay tumutol kay Josue na nagsabing, **7** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Kung ikaw ay lalakad sa aking mga daan, at kung iyong iingat ang aking bilin, iyo nga ring bahatulan ang aking bahay, at iyo ring iingat ang aking mga looban, at bibi-

gyan kita ng lugar na tangapan sa gitna ng mga ito na nakaharap. **8** Dingin mo ngayon, Oh Josue, na dakilang sacerdote, mo, at ng iyong mga kasama na nakaupo sa harap mo; sapagka't sila'y mga lalaking katakataka: sapagka't narito, aking ilalabas ang aking alipin na Sanga. **9** Sapagka't, narito, ang bato na aking inilagay sa harap ni Josue; sa ibabaw ng isang bato ay may pitong mata: narito, aking lililukin ang ukit noon, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, at aking aalisin ang kasam-an ng lupaing yaon sa isang araw. **10** Sa araw na yaon, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, tatawagin ng bawa't isa sa inyo ang kaniyang kapua sa ilalim ng puno ng uvas, at sa ilalim ng puno ng higos.

**4** At ang angel na nakipag-usap sa akin ay nagbalik, at ginising ako, na gaya ng tawo na nagigising sa kaniyang pagkakatulog. **2** At sinabi niya sa aking, ¿Ano ang iyong nakikita? At aking sinabing, Ako'y tumingin, at, narito, isang kandelerong na taganas na ginto, sampuo ng pinakatasa noon sa ibabaw, at ang pitong ilawan noon sa ibabaw; may pitong tubo sa bawa't isa sa mga ilawan, na nasa ibabaw noon: **3** at dalawang puno ng oliyo sa siping noon, isa sa dakong kanan ng tasa, at ang isa'y sa dakong kaliwa noon. **4** At ako'y sumagot at nagsalita sa angel na nakikipag-usap sa akin, na aking sinabing, ¿Anong mga bagay ito, panginoong ko? **5** Ng magkagayo'y ang angel na nakikipag-usap sa akin ay sumagot, at nagsabi sa aking, ¿Hindi mo ba nalalaman kung ano ang mga ito? At aking sinabing, Hindi, panginoong ko. **6** Ng magkagayo'y siya'y sumagot at nagsalita sa akin, na nagsabing, Ito ang salita ng PANGINOON kay Zerubabel, na sinabing, Hindi sa pamamagitan ng pagpupumilit, o ng kapang-yarihan, kungdi sa pamamagitan ng aking espiritu, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. **7** ¿Sino ka, Oh malaking bundok? sa harap ni Zerubabel ay magiging kapatagan ka: at kaniyang ilalabas ang pangulong bato na may biyawan ng Biyaya, biyaya doon. **8** Bukod dito'y ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing, **9** Ang mga kamay ni Zerubabel ay siyang naglagay ng mga cimientong ng babay na ito; ang kaniyang mga kamay ay siya ring tatapes; at iyong malalaman na ang PANGINOON ng mga hukbo ay siyang nagsugo sa akin sa inyo.

**10** ¿Sapagka't yaong mga na nagwawala ng kabuluhan sa araw ng mga maliliit na bagay? ay mangagagalak, at makikita nila ang pabatong tinga sa kamay ni Zerubabel, ang pitong ito, na mga mata ng PANGINOON: sila'y nagparoo't parito sa boong lupa. **11** Ng magkagayo'y sumagot ako, at nagsabi sa kaniyang, ¿Ano itong dalawang puno ng oliyo sa dakong kanan ng kandelerong, at sa dakong kaliwa? **12** At ako'y sumagot na ikalawa, at nagsabi sa kaniyang, ¿Ano ang dalawang sangang olivong ito na nasa siping ng dalawang gintong agusan, na kinatutuyuan ng gintong langis? **13** At siya'y sumagot sa akin, at nagsabing, ¿Hindi mo ba nalalaman kung ano ang mga ito? At aking sinabing, Hindi, panginoong ko. **14** Ng magkagayo'y sinabi niyang, Ito ang dalawang anak ng langis, na nakatayo sa siping ng Panginoon ng boong lupa.

**5** Ng magkagayo'y itinanaw ko uli ang aking mga mata, at tumingin ako, at, narito, isang lumilipad na ikid. **2** At sinabi niya sa aking, ¿Ano ang iyong nakikita? At ako'y sumagot, Aking nakikita'y isang lumilipad na ikid; ang haba ay dalawang puong siko, at ang luang ay sampuon siko. **3** Ng magkagayo'y sinabi niya sa aking, Ito ang sumpa na lumalabas sa balat ng boong lupain: sapagka't ang bawa't nagananakaw ay mahihiwalay sa isang dako ayon doon; at bawa't manunumpa ay mahihiwalay sa kabilang dako ayon doon. **4** Aking ilalabas yaon, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, at papasok sa bahay ng nagananakaw, at sa bahay noong nanunumpa ng kasinungalingan sa pangalan ko: at tatanan sa gitna ng bahay niya, at pupugnawin sampuo ng mga kahoy noon at mga bato noon.

**5** Ng magkagayo'y ang angel na nakikipag-usap sa akin ay lumabas, at nagsabi sa aking, Itanaw mo ngayon ang iyong mga mata, at tingnan mo kung ano ito na lumalabas. **6** At aking sinabing, ¿Ano yaon? At kaniyang sinabing, Ito ang efa na lumalabas. Sinabi niya bukod dito, Ito ang kawangis nila sa boong lupain: **7** (at, narito, nataas ang isang talentong tinga:) at ito'y isang babaye na nauupo sa gitna ng efa. **8** At kaniyang sinabing, Ito ang Kasam-an; at kaniyang inihagis sa loob ng gitna ng efa: at kaniyang inihagis ang timbang na tinga sa bibig noon. **9** Ng magkagayo'y itina-

naw ko ang aking mga mata, at ako'y tumingin, at, narito, lumabas ang dalawang babaye, at may dalang hangin sa kanilang mga pakpak; sila nga'y may mga pakpak na gaya ng mga pakpak ng tagak: at kanilang itinaas ang efa sa pagitan ng lupa at ng langit. 10 Ng magkagayo'y sinabi ko sa angel na nakikipag-usap sa akin, ¿Saan dinadala ng mga ito ang efa? 11 At sinabi niya sa aking: Upang ipagtayo ng bahay sa lupain ng Sinar: at pagka nahanda na, siya'y malalagay doon sa kaniyang sariling lugar.

6 At itinanaw ko uli ang aking mga mata, at ako'y tumingin, at, narito, lumalabas ang apat na karro sa pagitan ng dalawang bundok; at ang mga bundok ay mga bundok na tanso. 2 Sa unang karro ay may mga kabayong mapula; at sa ikalawang karro ay mga kabayong maitim; 3 at sa ikatlong karro ay mga kabayong maputi; at sa ikaapat na karro ay mga kabayong dalawang kulay. 4 Ng magkagayo'y ako'y sumagot at nagsabi sa angel na nakikipag-usap sa akin, ¿Ano ang mga ito, panginoong ko? 5 At ang angel ay sumagot at nagsabi sa aking, Ito ang apat na hangin sa himpawid, na lumalabas sa pagkatayo sa unahan ng Panginoon ng boong lupa. 6 Ang kinasisingkawan ng mga kabayong maitim ay lumalabas sa dakong hilagaang lupain; at ang sa mga maputi ay lumalabas na kasunod nila; at ang mga dalawang kulay ay lumalabas sa dakong timugang lupain. 7 At ang mga bayo ay lumabas, at nagpumilit na yumaon upang malibot ang lupa: at kaniyang sinabing, Kayo'y yumaon mula rito, libutin ninyo ang boong lupa. Sa gayo'y nilibot nila ang boong lupa. 8 Ng magkagayo'y hiniyawan niya ako, at nagsalita sa akin, na nagsabing, Narito, silang pumarito sa dakong hilagaang lupain ay nagpatahimik sa aking espiritu sa hilagaang lupain.

9 At ang salita ng PANGINOON ay dumating sa akin, na nagsabing, 10 Kunin mo ang sa mga sa pagkabihag, kay Heldai, kay Tobias, at kay Jedaya; at yumaon ka sa araw ding yaon, at pumasok ka sa bahay ni Josias na anak ni Zefanias, na mga nagsibalik mula sa Babilonia; 11 oo, kumuha ka ng pilak at ginto, at gawin mong mga korona, at mga iputong mo sa ulo ni Josue na anak ni Jehozadak, na dakilang sacerdote; 12 at salitain mo sa kaniya, na sabihing, Ganito ang salita ng PANGINOON ng mga

hukbo, na nagsabing, Narito, ang lalaki na ang pangala'y Sanga; at siya'y sisibol sa kaniyang lugar, at siya'y magtatayo ng templo ng PANGINOON: 13 kaniyang itatayo ang templo ng PANGINOON; at siya'y magdadala ng kalualhatian, at uupo at magpupuno sa kaniyang luklukan; at siya'y magiging sacerdote sa kaniyang luklukan: at ang payo ng kapayapaan ay mapapasa pag-itan nila kapua. 14 At ang mga korona ay magiging pinakaalaala sa templo ng PANGINOON kay Helem, at kay Tobias, at kay Jedaya, at kay Hen na anak ni Zefanias. 15 At silang nasa malayo ay paririto at magtatayo sa loob ng templo ng PANGINOON, at inyong malalaman na ang PANGINOON ng mga hukbo ay siyang nagsugo sa akin sa inyo. At ito'y mangyayari kung inyong susunding maingat ang voces ng PANGINOONG inyong Dios.

7 At nangyari, ng ikaapat na taon ng haring si Darius, na ang salita ng PANGINOON ay dumating kay Zekarius sa ikaapat ng ikasiam na buan, ng Kislev. 2 Ang sa Bet-el nga ay nagsugo kay Sarezar at kay Regem-melek, at sa kanilang mga lalaki, na dalangin ang biyaya ng PANGINOON, 3 at upang magsalita sa mga sacerdote ng bahay ng PANGINOON ng mga hukbo, at sa mga profeta, na sabihing, ¿Iiyak ba ako sa ikalimang buan, na ako'y hihihalay gaya ng aking ginawa nitong pagkaramiraming taon? 4 Ng magkagayo'y dumating ang salita ng PANGINOON ng mga hukbo sa akin, na nagsabing, 5 Salitain mo sa lahat ng bayan ng lupain at sa mga sacerdote, na iyong sabihing, Ng kayo'y mag-ayuno at magpakapanlaw ng ikalima at ikapitong buan, nitong pitong puong taon, ¿kayo ba'y nag-ayunong lubos sa akin, para sa akin? 6 At pagka kayo'y kumakain, at pagka kayo'y umiinom, ¿di ba kayo'y kumakain para sa inyong sarili, at umiinom para sa inyong sarili? 7 ¿Di ba ninyo marapat dingin ang mga salita na isinigaw ng PANGINOON sa pamamagitan ng mga unang profeta, ng ang Jerusalem ay tinatahanan at nasa kaginhawahan, at ang mga ciudad noon na nasa palibot niya, at ang Timugan, at ang mababang lupain ay tinatahanan?

8 At ang salita ng PANGINOON ay dumating kay Zekarias, na nagsabing, 9 Ganito ang sinalita ng PANGINOON ng mga hukbo, na nagsabing, Gumawa kayo ng tunay na kahatulan, at gumamit ng

kaawaan at ng kahabagan ang bawát isa sa kaniyang kapatid: **10** at huag ninyong pighatiin ang babayeng bao, o ang ulila mau, ang taga ibang lupa, o ang dukha man; at sino man sa inyo ay huag mag-isip ng kasam-an sa inyong puso laban sa kaniyang kapatid. **11** Ngunit kanilang tinangihang dingin, at kanilang tinabig ang pamatok, at saipakabingi, upang huag nilang maringig. **12** Oo, kanilang ginawa ang kanilang puso na parang batong diamante, upang huag duminig ng kantusan, at ng mga salita na ipinasugo ng PANGINOON ng mga hukbo sa pamamagitan ng kaniyang espiritu, ng kamay ng mga unang profeta: kaya dumating ang malaking pag-iinit na mula sa PANGINOON ng mga hukbo. **13** At nangyari, na kung paanong siya'y sumigaw, at hindi nila dininig; ay gayon sila sumigaw, at hindi ko dininig, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo; **14** kungdi aking pangangalatin sila ng ipolpo sa gitna ng lahat na mga nasyon na hindi nila nakilala. Ganito nasira ang lupain pagkatapos nila, na ano pa't walang tawo na nagdadaan o nagbabalik: sapagka't kanilang ginawang sira ang masayang lupain.

**3** At ang salita ng PANGINOON ng mga hukbo ay dumating sa akin, na nagsabing, **2** Ganito an sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Ako'y may paninibugho sa Zion ng malaking paninibugho, at ako'y may paninibugho sa kaniya ng malaking pag-aalab ng loob. **3** Ganito ang sabi ng PANGINOON: Ako'y nagbalik sa Zion, at tataan ako sa gitna ng Jerusalem: at ang Jerusalem ay tatawaging: Ciudad ng katotohanan, at ang bundok ng PANGINOON ng mga hukbo. Ang santong bundok. **4** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Tataan pa ng mga matandang lalaki at babaye ang mga langganan ng Jerusalem, bawát tawo na may kaniyang tungkod sa kaniyang kamay dahil sa totoong katandaan. **5** At ang mga langganan ng ciudad ay mapupuuo ng mga batang lalaki at babaye na naglalaro sa mga langganan. **6** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Kung maging kagilagilalas sa mga mata ng nalabi sa bayang ito sa mga araw na yaon, magiging kagilagilalas ba naman sa aking mga mata? sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. **7** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Narito, aking

ililigtas ang aking bayan sa silanganang lupain, at sa kalunurang lupain: **8** at aking dadalhin sila, at sila'y tataan sa gitna ng Jerusalem; at sila'y magiging aking bayan, at ako'y magiging kanilang Dios, sa katotohanan at sa kabanalan. **9** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Inyong palakasin ang inyong mga kamay, ninyong nakakarinig sa mga araw na ito ng mga salitang ito sa bibig ng mga profeta, mula ng araw na ilagay ang cimiento sa bahay ng PANGINOON ng mga hukbo, sa templo, upang matayo. **10** Sapagka't bago dumating ang mga araw na yaon ay walang paupahan para sa tawo, o ano mang paupahan para sa hayop; at wala ring ano mang kapayapaan doon sa lumalabas o pumapasok dahil sa kaaway: sapagka't aking inilagay ang lahat na tawo na bawát isa'y laban sa kaniyang kapua. **11** Ngunit ngayoy sa nalabi sa bayang ito ay hindi ako magiging gaya ng mga unang araw, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. **12** Sapagka't magkakaroon ng binhi ng kapayapaan; ang puno ng uvas ay magbubunga, at ang lupa'y mapapakinabangan, at ibibigay ng mga langit ang kanilang hamog; at aking ipamanana sa nalabi sa bayang ito ang lahat na mga bagay na ito. **13** At mangyayari, na kung paanong kayo'y naging isang sumpa sa gitna ng mga nasyon, Oh bahay ng Juda, at bahay ng Israel, gayon ko kayo ililigtas, at kayo'y magiging isang pagpapala; huag kayong matakot, kungdi inyong palakasin ang inyong mga kamay. **14** Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Kung paanong inisip kong gawan kayo ng masama, ng mungkahiin ako ng inyong mga magulang sa pag-iinit, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, at hindi ako nagsisi; **15** gayon ko uli inisip sa mga araw na ito na gumawa ng mabuti sa Jerusalem at sa bahay ng Juda: huag kayong matakot. **16** Ito nga ang mga bagay na inyong gagawin: Magsalita ang bawát isa sa inyo ng katotohanan sa kaniyang kapua; humatol kayo ng katotohanan, at kapayapaan sa inyong mga pintuang-daan: **17** at huag mag-isip ang sino man sa inyo ng kasam-an sa inyong puso laban sa kaniyang kapua; at huag ninyong ibigin ang kabulaanang sumpa: sapagka't ang lahat ng ito ay mga bagay na aking kinapopootan, sabi ng PANGINOON.

**18** At ang salita ng PANGINOON ng

mga hukbo ay dumating sa akin, na nagsabing, **19** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Ang ayuno sa ikaapat na buan, at ang ayuno sa ikalima, at ang ayuno sa ikapito, at ang ayuno sa ikasampung, ay magiging sa bahay ng Juda'y kagalakan at kaligayahan, at mga masayang kapistahan; kaya't inyong ibigin ang katotohanan at kapayapaan. **20** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: *Mangyayari* pa, na darating ang mga bayan at ang mga tumatahan sa maraming mga ciudad: **21** at ang mga tumatahan sa isang ciudad ay paroroon sa isa, na magsasabing, Tayo'y pumaroong masikap, at ating dalanginin ang biyaya ng PANGINOON, at hanapin ang PANGINOON ng mga hukbo: ako naman ay paroroon. **22** Oo, maraming bayan at mga matibay na nasyon ay paroroon upang hanapin ang PANGINOON ng mga hukbo sa Jerusalem, at dalanginin ang biyaya ng PANGINOON. **23** Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: Sa mga araw na yao'y mangyayari, na sampuonng lalaki sa lahat ng wika sa mga nasyon ay magtatanganan, sila'y tatangan sa laylayan niya na Judio, na magsasabing, Kami ay yayaong kasama mo, sapagka't aming narinig na ang Dios ay kasama mo.

**9** Ang pasan ng salita ng PANGINOON ay laban sa lupain ng Hadrak, at ang Damasko ang kaniyang magiging pahingahang lugar: sapagka't ang mata ng tawo at ng lahat ng angkan ng Israel ay nasa PANGINOON: **2** at laban sa Hamat naman, na kahanganan nito: laban sa Tiro at Zidon, бага man siya'y totoong pantas. **3** At ang Tiro ay nagtayo ng katibayan at nagbunton ng pilak na parang alabok, at durog na ginto na parang putik sa mga langganan. **4** Narito, sasamsaman siya ng Panginoon, at kaniyang susugatan ang kapangyarihan niya sa dagat; at siya'y lalamunin ng apoy. **5** Makikita ng Askelon, at mataktot: ng Gaza rin, at mamamanlaw na mainam; at ng Ekron, sapagka't ang kaniyang pag-asa ay makahihiya: at ang hari ay mamamatay sa Gaza, at ang Askelon ay hindi tatahanan. **6** At isang anak sa ligaw ay tatahan sa Asdod, at aking puputulin ang kapalaluan ng mga Filisteo. **7** At aking aalisin ang kaniyang dugo sa kaniyang bibig, at ang kaniyang kasuklamsuklam sa pag-itan ng

kaniyang mga ngipin; at siya nama'y maiiwan para sa ating Dio: at siya'y magiging parang pangulo sa Juda, at ang Ekron ay parang Jebuseo. **8** At ako'y tatayo sa palibot ng aking bahay laban sa kawal, na walang makadadaan o makabalik: at walang mamimighati na daraan pa sa kanila: sapagka't ngayo'y tumingin ako ng aking mga mata.

**9** Magalak kang mainam, Oh anak na babaye ng Zion; humiyaw ka, Oh anak na babaye ng Jerusalem: narito, ang iyong hari ay naparirito sa iyo: siya'y banal at may pagliligtas; mapagmababa at nakasakay sa isang asno, sa isang guya na anak ng asno. **10** At aking ibihiwalay ang karro mula sa Efraim, at ang kabayo'y mula sa Jerusalem, at ang mga bosog na pangbaka ay mapuputol; at siya'y magsasalita ng kapayapaan sa mga nasyon: at ang kaniyang kapangyarihan ay magiging sa dagat at dagat, at mula sa Ilog hangang sa mga hanganan ng lupa. **11** Tungkol sa iyo naman, dahil sa dugo ng iyong tipan ay aking pinalahas ang iyong mga bihag sa hukay na doo'y walang tubig. **12** Magbalik kayo sa katibayan, kayong mga bihag na may pag-asa; ngayo'y aking inihahayag na aking ibabalik sa inyo ang doble. **13** Sapagka't aking binaluktot ang Juda para sa akin, aking pinuno ang bosog sa Efraim; at aking gigisingin ang iyong mga anak, Oh Zion, laban sa iyong mga anak, Oh Grecia, at gagawing kitang parang tabak ng makapangyarihang lalaki. **14** At ang PANGINOON'y makikita sa itaas nila, at lalabas ang kaniyang pana na parang kidlat: at ang Panginoong Dios ay hihihip ng pakakak at yayaon na kasama ng mga ipoipo sa timugan. **15** Ipagsasangalang sila ng PANGINOON ng mga hukbo; at sila'y lalamon, at kanilang yayapakan ang mga batang panghilagpos; at sila'y iinom, at mag-lingay na parang sa alak: at sila'y mapupunong parang mga tasa na gaya ng mga sulok ng altar. **16** At ililigtas sila ng PANGINOONG kanilang Dios sa araw na yaon na parang kawan ng kaniyang bayan: sapagka't magiging parang mga bato ng isang korona, na nataas sa mataas sa kaniyang lupain. **17** Sapagka't pagkalaki ng kaniyang kabutihan, at pagkalaki ng kaniyang kagandahan! pinalaki ng trigo ang mga binata, at ng bagong alak ang mga dalaga. **10** Hingin ninyo sa PANGINOON ang ulan sa kapanahunan ng tangha-

ling ulan, sa PANGINOON na nagpapakidlat; at kaniyang bibigyan sila ng malakas na ulan, at sa bawat isa'y damo sa parang. **2** Sapagka't ang mga teraf ay nagsalita ng walang kabuluhan, at ang mga maughuhula ay nakakita ng kabulanan; at sila'y nagsaysay ng mga kasingalingang panaginip, sila'y umaliw ng walang kabuluhan: kaya't sila'y yumaon ng kanilang lakad na parang mga tupa, sila'y nadalamhati, sapagka't walang pastor. **3** Ang aking galit ay nag-alab laban sa mga pastor, at aking parurusaan ang mga lalaking kambing: sapagka't dinalaw ng PANGINOON ng mga hukbo ang kaniyang kawan na bahay ng Juda, at kaniyang mga gagawing parang makisig na kabayo sa pagbabaka. **4** Sa kaniya lalabas ang batong panulok, sa kaniya ang pako, sa kaniya ang bosog na pangbaka, sa kaniya ang bawat puno na magkakasama. **5** At sila'y magiging parang mga makapangyarihang lalaki, na yayapakan nila ang kanilang mga kaaway sa putik sa mga langganan sa pagbabaka; at sila'y babaka, sapagka't ang PANGINOON ay sumasakanila: at ang mga mangangabayo ay mangatutulig. **6** At aking palalakasin ang bahay ng Juda, at aking ililigtas ang bahay ng Jose, at aking ibabalik sila uli, sapagka't ako'y naawa sa kanila; at sila'y magiging parang hindi ko itinakuil: sapagka't ako ang PANGINOONG kanilang Dios, at aking didingin sila. **7** At ang mga sa Efraim ay magiging parang mga makapangyarihang lalaki, at ang kanilang puso ay magagalak na parang sa alak: oo, makikita ng kanilang mga anak, at magagalak; ang kanilang puso ay masasayahan sa PANGINOON. **8** Aking susut-sutan sila, at mga pipisanin; sapagka't aking tinubos sila: at sila'y dadami ng gaya ng kanilang idinami. **9** At aking pangangalatin sila sa gitna ng mga bayan; at aalalahanin nila ako sa malayong lupain: at sila'y tatahang kasama ng kanilang mga anak, at mag-sisipagbalik. **10** Aking dadalhin uli sila mula sa lupain ng Egipto, at pipisanin sila mula sa Asiria; at aking dadalhin sila sa lupain ng Gilead at Lebano: at walang lugar na masumpungan sa kanila. **11** At siya'y magdadaan ng dagat ng kapighatian, at susugatan ang mga alon sa dagat, at ang lahat ng kalaliman sa Nilo ay matutuyo: at ang kapalaluan ng Asiria ay mababagsak, at ang cetro ng Egipto ay mawawala. **12** At aking

palalakasin sila sa PANGINOON; at sila'y lalakad na paitaas at paibaba sa kaniyang pangalan, sabi ng PANGINOON.

**13** Ibukas mo ang iyong mga pinto, Oh Lebano, upang lamunin ng apoy ang iyong mga cedro. **2** Umungal ka, Oh puno ng abeto, sapagka't ang cedro ay nabual, sapagka't ang mga mabuti ay nasamsam: umungal kayo, Oh mga encina sa Basan, sapagka't ang matibay na gubat ay nagiba. **3** | *Naririnig* ang isang tinig ng ungal ng mga pastor! sapagka't ang kanilang kalualhatian ay nasamsam: ang isang tinig ng ungal ng mga batang leon! sapagka't ang kapalaluan ng Jordan ay nasamsam. **4** Ganito ang sabi ng PANGINOONG aking Dios: Alagaan mo ang kawan na papatayin; **5** na mga pinapatay ng mga may-ari, at hindi mga inaar-ring may sala; at silang mga nagbibili sa kanila, ay nagsasabing, Purihin ang PANGINOON, sapagka't ako'y mayaman: at ang kanilang sariling mga pastor ay hindi nahihinayang sa kanila. **6** Sapagka't hindi na ako mahihinayang sa mga tumatahan sa lupain, sabi ng PANGINOON: kungdi, narito, aking ibibigay ang mga tawo bawat isa sa kamay ng kaniyang kapua, at sa kamay ng kaniyang hari: at kanilang sisirain ang lupain, at sa kanilang kamay ay di ko ililigtas sila. **7** Sa gayo'y aking pinasabsab ang kawan na papatayin, katotohanang kaawaawang kawan. At nagdala ako ng dalawang tungkod; ang isa'y tinawag kong Maganda, at ang isa'y tinawag kong mga Panali; at aking pinasabsab ang kawan. **8** At aking inihwalay ang tatlong pastor sa isang buan; sapagka't ang aking kalulua ay nayamot sa kanila, at ang kanilang kalulua ay napoot sa akin. **9** Ng magkagayo'y sinabi kong, Hindi ko na pasasabsabin kayo: ang namamatay, ay mamatay; at ang nahihwalay, ay mahihwalay; at ang mga maiwan ay magkainan ng laman isa't isa. **10** At hinawakan ko ang aking tungkod na Maganda, at aking binali, upang aking sirain ang aking tipan na aking ginawa sa lahat ng bayan. **11** At nasira ng araw na yaon: at ganito nakilala ng kaawaawa sa kawan na nagmamasid sa akin na yao'y salita ng PANGINOON. **12** At sinabi ko sa kanilang, Kung inaakala ninyong mabuti, bigyan ninyo ako ng aking upa; at kung hindi, inyong pabayaan. Sa gayo'y kanilang tinimbanan ang kaupahan ko ng tatlong puong pirasong pilak. **13** At

sinabi ng PANGINOON sa aking, Ihagis mo sa magpapaliok, ang mainam na halaga na aking inihalaga sa kanila. At aking kinuha ang tatlong puong *pirasong* pilak at mga inihagis ko sa magpapaliok sa bahay ng PANGINOON. **14** Ng magkagayo'y binali ko ang aking isang tungkod, ang mga Panali, upang aking masira ang pagkakapatid ng Juda at ng Israel.

**15** At ang PANGINOON'y nagsabi sa aking, Magdala ka pa uli ng mga kasangkapan ng isang mangmang na pastor. **16** Sapagka't, narito, ako'y magtitindig ng isang pastor sa lupain, na hindi dadalawin yaong mga nahihwalay, o hahanapin man yaong mga naliligaw, o pagagalingin man yaong mga pilay; o pasasabsabin man yaong mga magaling, kungdi kaniyang kakanin ang laman ng mataba at pagpipirapirasuhin ang kanilang mga pangamot. **17** Sa aba ng walang kabuluhang pastor na nagpapabaya ng kawan! ang tabak ay sasa kaniyang kamay, at sa kaniyang kanang mata: ang kaniyang kamay ay matutuyong mainam, at ang kaniyang kanang mata ay lalabong lubos.

**12** Ang pasan ng salita ng PANGINOON tungkol sa Israel. Ganito ang sabi ng PANGINOON, na nag-uunat ng mga langit, at naglalagay ng mga cimientong lupa, at nag-ayos ng espiritu sa loob ng tawo. **2** Narito, aking gagawin ang Jerusalem na isang tasang pang-lito sa lahat ng bayan sa palibot, at sa Juda naman ay magiging sa pagkulong laban sa Jerusalem. **3** At mangyayari sa araw na yaon, na aking gagawin ang Jerusalem na isang batong mabigat sa lahat ng bayan; lahat ng magsipasan sa kaniya ay mangasusugatang mainam; at ang lahat na nacion sa lupa ay magpipipisan laban sa kaniya. **4** Sa araw na yaon, sabi ng PANGINOON, aking susugatan ang bawat kabayo ng pagkatulig, at ang kaniyang sakay ng pagkaulol: at aking ididilat ang aking mga mata sa bahay ng Juda, at aking susugatan ang bawat kabayo sa mga bayan ng pagkabalug. **5** At ang mga pinakapuno sa Juda ay magsasabi sa kanilang puso, Ang mga mananahan sa Jerusalem ay aking kalakasan sa PANGINOON ng mga hukbo na kanilang Dios. **6** Sa araw na yaon'y gagawin kong parang kalan ng apoy sa gitna ng kahoy, ang mga pinakapuno sa Juda at parang sigsig

na apoy sa gitna ng mga bigkis; at kanilang lalamunin ang boong bayan sa palibot, sa kanan at sa kaliwa: at ang Jerusalem ay tatahan pa uli sa kaniyang sariling lugar, sa Jerusalem. **7** Ihiligtas naman na una ng PANGINOON ang mga dampa ng Juda, upang ang kalualhatian ng bahay ni David at ang kalualhatian ng mga mananahan sa Jerusalem ay huag magmalaki sa Juda. **8** Sa araw na yaon ay ipagsasangalang ng PANGINOON ang mga mananahan sa Jerusalem; at ang mahina sa kanila sa araw na yaon ay magiging parang si David; at ang bahay ng David ay magiging parang Dios, gaya ng angel ng PANGINOON sa harap nila. **9** At mangyayari sa araw na yaon, na aking pagsisikapang gibain ang lahat na nacion na naparoroon laban sa Jerusalem. **10** At aking bubuhusan ang bahay ng David, at ang mga mananahan sa Jerusalem, ng espiritu ng biyaya at ng pagdalaning; at sila'y titingin sa akin na kanilang pinalagpasan: at sila'y tatangis dahil sa kaniya, gaya ng pagtangis sa bugtong na anak, at magiging kapaitan sa kaniya, na gaya ng kapaitan sa kaniyang panganay. **11** Sa araw na yaon ay magkakaroon ng malaking pagtangis sa Jerusalem, na gaya ng pagtangis kay Hadadrimon sa libis ng Megido. **12** At ang lupain ay tatangis, bawat kamag-anakan ay hiwalay; ang kamag-anakan ng bahay ni David ay hiwalay; at ang kanilang mga asawa ay hiwalay: ang mga kamag-anakan ng bahay ni Natan ay hiwalay, at ang kanilang mga asawa ay hiwalay; **13** ang kamag-anakan ng bahay ni Levi ay hiwalay, at ang kanilang mga asawa ay hiwalay; ang kamag-anakan ni Simei ay hiwalay, at ang kanilang mga asawa ay hiwalay; **14** ang lahat na kamag-anakang nalabi, bawat kamag-anakan ay hiwalay, at ang kanilang mga asawa ay hiwalay.

**13** Sa araw na yaon ay magkakaroon ng isang bukak na bukak sa bahay ng David at sa mga mananahan sa Jerusalem, para sa kasalanan, at para sa karumihan. **2** At mangyayari sa araw na yaon, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, na aking ihihwalay ang mga pangalan ng mga idolo sa lupain, at sila'y hindi na maaalala pa: at aking palalayasin naman ang mga profeta at ang karumaldumal na espiritu sa lupain. **3** At mangyayari, na pagka ang sino man ay manghuhula, sasabihin nga sa kaniya ng kaniyang ama at ng kaniyang ina na

nanganak sa kaniya; ikaw ay hindi mabubuhay; sapagka't ikaw ay nagsasalita ng kabulaanan sa pangalan ng PANGINOON: at palalagpasan siya ng kaniyang ama at ng kaniyang ina na nanganak sa kaniya samantalang siya'y nangluhula. **4** At mangyayari sa araw na yaon, na ang mga profeta ay mgahihiya baw't isa sa kaniyang malikmata, pagka siya'y nangluhula; hindi man sila magsusuot ng kasuotang balahibo, upang mangdaya: **5** kungdi kaniyang sasabihing, Ako'y hindi profeta, ako'y mangbubukid sa lupa; sapagka't ako'y pinapaging alipin mula sa aking pagkabinata. **6** At sasabihin ng isa sa kaniyang, Ano ang mga sugat na ito sa pag-itan ng iyong mga kamay? Kung magkagayo'y siya'y sasagot, Iyan ang mga naging sugat ko sa bahay ng aking mga kaibigan.

**7** Gumising ka, Oh tabak laban sa aking pastor, at laban sa lalaki na aking kasama, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: sugatan mo ang pastor, at ang mga tupa ay mangangalat; at aking ibalik ang aking kamay laban sa mga maliit. **8** At mangyayari, na sa boong lupain, sabi ng PANGINOON, dalawang bahagi ay mahihihalay at mamamatay; nguni't ang ikatlo ay maliwan. **9** At aking dadalhin ang ikatlong bahagi sa apoy, at mga pakikinisin ko na parang pilak na pinakinis, at mga titikman ko na para ng pagtikim sa ginto: sila'y tatawag sa aking pangalan, at aking mga didingin: aking sasabihing, Siya'y bayan ko; at kanilang sasabihing, Ang PANGINOON ay aking Dios.

**14** Narito, ang araw ng PANGINOON ay dumarating, na ang iyong samsam ay babahagihin sa gitna mo. **2** Sapagka't aking pipisarin ang lahat na nacion laban sa Jerusalem upang sa pagbabaka; at ang ciudad ay masasakop, at ang mga bahay ay lolooban, at ang mga babaye ay dadahasin: at ang kalahati ng ciudad ay yayaon sa pagkabiha, at ang nalabi sa bayan ay hindi mahihihalay sa ciudad. **3** Kung magkagayo'y lalabas ang PANGINOON, at makikipagbaka laban sa mga naciong yaon, gaya ng siya'y makipagbaka sa araw ng pagbabaka. **4** At ang kaniyang mga paa ay tatayo sa araw na yaon sa bundok ng mga olivo, na nasa tapat ng Jerusalem sa dakong silanganan, at ang bundok ng mga olivo ay mahahati sa gitna niya, sa dakong silanganan at sa dakong kalunuran, at magiging totoong

malaking Mbis; at ang kalahati ng bundok ay malilipat sa dakong hilagaan, at ang kalahati ay sa dakong timugan. **5** At kayo'y tatakas sa libis ng aking mga bundok; sapagka't ang libis ng mga bundok ay aabot hangang sa Azel: oo, kayo'y tatakas, gaya ng kayo'y tumakas dahil sa lindol sa mga kaarawan ni Uzias na hari sa Juda: at ang PANGINOON aking Dios ay darating, at ang lahat na mga santo na kasama niya. **6** At mangyayari sa araw na yaon, na hindi magkakaroon ng liwanag ang maginging, at magdidilim: **7** kungdi magiging isang araw na kilala sa PANGINOON; hindi araw, at hindi gabi: nguni't mangyayari, na sa kinahapunan ay magliliwanag. **8** At mangyayari sa araw na yaon, na ang mga buhay na tubig ay lalabas sa Jerusalem; kalahati noo'y sa dakong silanganang dagat, at kalahati noo'y sa dakong kalunurang dagat; sa tag-init at sa taginaw mangyayari. **9** At ang PANGINOON magiging hari sa boong lupa: sa araw na yaoy magiging ang PANGINOON ay isa, at ang kaniyang pangalan ay isa. **10** Ang boong lupain ay magiging parang Araba, mula sa Geba hangang sa Rimon na timugan ng Jerusalem; at siya'y matataas, at tatahan sa kaniyang lugar, mula sa pintuang-daan ng Benjamin hangang sa lugar ng uwang pintuang-daan, hangang sa sulok na pintuang-daan, at mula sa moog ng Hananel hangang sa alilisan ng uvas ng hari. **11** At ang mga tawo'y tatahan doon, at hindi na magkakaroon pa ng sumpa; kungdi ang Jerusalem ay tatahang tiwasay. **12** At ito ang magiging salot na isusugat ng PANGINOON sa lahat ng bayan na bumaka laban sa Jerusalem: ang kanilang laman ay matutunaw samantalang sila'y nakatayo ng kanilang mga paa, at ang kanilang mga mata'y mgatutunaw sa kanilang ukit, at ang kanilang dila ay matutunaw sa kanilang bibig. **13** At mangyayari sa araw na yaon, na magkakaroon ng isang malaking kaingay sa gitna nila na mula sa PANGINOON; at hahawak ang baw't isa sa kanila sa kamay ng kaniyang kapua, at ang kamay niya'y titindig laban sa kamay ng kaniyang kapua. **14** At ang Juda naman ay babaka laban sa Jerusalem; at ang kayamanan ng lahat na nacion sa palibot ay mapipisan, ginto, at pilak, at kasuotan, na totoong sagana. **15** At magiging gayon ang salot sa kabayo, sa mula, sa



kamello, at sa asno at sa lahat ng hayop na naroroon sa mga kamentong yaon, na gaya ng salot na ito. 16 At mangyari, na bawa't maiwan sa lahat na nasyon na naparoon laban sa Jerusalem ay sasampa taon taon upang sumamba sa Hari, sa PANGINOON ng mga hukbo, at upang ipangilin ang mga kapistahan ng mga tabernakulo. 17 At mangyari, na ang sino man sa mga kamaganakan sa lupa na hindi sumampa sa Jerusalem upang sumamba sa Hari, sa PANGINOON ng mga hukbo, sa kanila'y hindi magkakaroon ng ulan. 18 At kung ang kamaganakan ng Egipto ay hindi sumampa, at hindi pumaroon, hindi rin magkakaroon ng ulan sa kanila; magkakaroon ng salot, na isusugat ng PANGINOON sa mga nasyon na hindi

sasampa upang ipagdiwang ang kapistahan ng mga tabernakulo. 19 Ito ang magiging kaparusahan sa Egipto, at kaparusahan sa lahat na mga nasyon na hindi sasampa upang ipagdiwang ang kapistahan ng mga tabernakulo. 20 Sa araw na yaon ay magkakaroon sa mga kampanilla ng mga kabayo ng KASANTOSAN SA PANGINOON; at ang mga paliok sa bahay ng PANGINOON ay magiging parang mga tao sa harap ng altar. 21 Oo, bawa't paliok sa Jerusalem at sa Juda ay magiging santo sa PANGINOON ng mga hukbo: at silang lahat na naghahayin ay paroroon at magsisikuha noon, at magluluto doon: at sa araw na yaon ay hindi na magkakaroon pa ng Kananeo sa bahay ng PANGINOON ng mga hukbo.

## MALAKHI.

1 Ang pasan ng salita ng PANGINOON sa Israel sa pamamagitan ni Malaki.

2 Inibig ko kayo, sabi ng PANGINOON. Gayon ma'y inyong sinasabing, ¿Sa ano mo kami inibig? ¿Hindi ba si Esau ay kapatid ni Jakob? sabi ng PANGINOON: gayon ma'y inibig kosi Jakob; 3 nguni't si Esau ay aking kinapootan, at ginawa ko ang kaniyang mga bundok na isang kagibaan, at *ibinigay ko* ang kaniyang mana sa mga chakal sa ilang. 4 Baga man sabi ng Edom, Tayo'y nagiba, nguni't magbabalik tayo, at ating itatayo ang mga sirang lugar; ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, Sila'y magtatayo, nguni't aking ibabagsak: at tatawagin sila ng mga tawong Ang hangganan ng kasam-an, at Ang bayang kinapootan ng PANGINOON magpakailan man. 5 At makilata ng inyong mga mata, at inyong sasabihing: Dakilain ang PANGINOON sa daka roon ng hangganan ng Israel.

6 Iginagalang ng anak ang kaniyang ama, at ng alipin ang kaniyang panginoon: kung ako nga'y ama, ¿saan nandoon ang aking dangal? at kung ako'y panginoon, ¿saan nandoon ang takot sa akin? sabi ng PANGINOON ng mga hukbo sa inyo, Oh mga sacerdote na nagwawalang

kabuluhan ng aking pangalan. At inyong sinasabing, ¿Sa ano namin niwalan ng kabuluhan ang iyong pangalan? 7 Kayo'y naghahandog ng karumaldumal na tinapay sa aking altar. At inyong sinasabing, ¿Sa ano namin dinumhan ka? Sa inyong sinasabing, Ang dulang ng PANGINOON ay walang kabuluhan. 8 At pagka kayo'y naghahandog ng bulag na pinakahayin, ¿di ba kasam-an! at pagka kayo'y naghahandog ng pilay at may sakit, ¿di ba kasam-an! Iharap mo nga sa iyong gobernador; ¿kalulugdan ka ba niya? o ¿tatanggapin ba niya ang iyong pagkatawo? sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. 9 At nga'y, isinasamo ko sa inyo, inyong idalangin ang ikabubuti ninyo sa Dios, upang siya'y mahabag sa atin: ito'y nangyari sa inyong mga paraan: ¿tatanggapin ba niya ang pagkatawo ng sino man sa inyo? sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. 10 ¡Oh kung mairoon sa inyo na magsara ng mga pinto, upang huag ninyong mapaningasan ang apoy sa aking altar ng walang kabuluhan! Wala akong lugod sa inyo, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, o tatanggap man ako ng handog sa inyong kamay. 11 Sapagka't

mula sa sinisikatan ng araw hangang sa nilulubugan niya ay ang aking pangalan ay dakila sa mga Gentil; at sa bawa't lugar ay maghahandog ng kamanyan sa aking pangalan, at ng dalisay na handog: sapagka't ang aking pangalan ay dakila sa gitna ng mga Gentil, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. 12 Ngunit inyong dinumhan sa inyong sinasabing, Ang dulang ng PANGINOON ay karumaldumal, at ang bunga noon, ang pagkain sa kaniya ay walang kabuluhan. 13 Inyong sinasabi namang, Narito, pagka pagod nga! at inyong nginusuan, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo; at inyong dinadala ang nakuha sa dahas, at ang pilay at ang may sakit; ganito ninyo dinadala ang handog: ? tanagapin ko ba ito sa inyong kamay? sabi ng PANGINOON. 14 Ngunit sumpain ang magdaraya na mairoon sa kaniyang kawan na isang lalaki, at nananata, at naghahayin sa Panginoong ng madungis na bagay: sapagka't ako'y dakilang hari, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, at ang aking pangalan ay kakilakilabot sa gitna ng mga Gentil.

2 At ngayon, Oh kayong mga sacerdote, ang utos na ito'y sa inyo. 2 Kung hindi ninyo didingin, at kung hindi ninyo ilalagak sa inyong puso upang bigyang kalualhatian ang aking pangalan, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, magsusugo nga ako ng sumpa sa inyo, at aking susumpain ang inyong pagpapala: oo, aking mga sinumpa na, sapagka't hindi ninyo inilalagak sa inyong puso. 3 Narito, aking sasawayin ang binhi dahil sa inyo, at magsasabog ako ng dumi sa inyong mga mukha, ng dumi ng inyong mga hayin; at kayo'y mga ilalabas na kasama noon. 4 At inyong makikilala na aking isinugo ang utos na ito sa inyo, upang ang aking tipan ay mapasa kay Levi, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. 5 Ang aking tipan ay sa kaniya'y buhay at kapatapan; at aking mga ibinigay sa kaniya upang siya'y manlupaypay, at siya'y nanlupaypay sa akin, at siya'y nanlupaypay sa aking pangalan. 6 Ang kautusan ng katotohanan ay nasa kaniyang bibig, at ang kalikuan ay hindi nasumpungan sa kaniyang mga labi: siya'y lumakad na kasama ko sa kapayapaan at kabanalan, at inilayo ang marami sa kasam-an. 7 Sapagka't ang mga labi ng sacerdote ay dapat mag-ingat ng kaalaman, at kanilang marapat hanapin

ang kautusan sa kaniyang bibig: sapagka't siya ang sugo ng PANGINOON ng mga hukbo. 8 Ngunit kayo'y lumilius sa daan; inyong itinisod ang marami sa kautusan; inyong sinira ang tipan ng Levi, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. 9 Kaya't kayo'y ginawa ko namang walang kabuluhan at pinakamababa sa harap ng boong bayan, ayon sa paraan na hindi ninyo iningatan ang aking mga daan, kungdi inyong iginalang ang mga pagkatawo sa kautusan.

10 ?Wala ba tayong lahat na isang ama? ?hindi ba isang Dios ang lumalang sa atin? ?bakit tayo gumagawa ng paglililo bawa't isa laban sa kaniyang kapatid, na dinudumhan ang tipan ng ating mga magulang? 11 Ang Juda'y gumawa ng paglililo, at ang kasuklamsuklam ay nakamit sa Israel at sa Jerusalem; sapagka't dinumhan ng Juda ang santuario ng PANGINOON, na kaniyang iniibig, at nag-asawa sa anak ng ibang dios. 12 Ihihiwalay ng PANGINOON ang lalaki na gumawa nito, ang gumigising at ang samasagot, mula sa mga dampa ng Jakob, at ang naghahandog ng handog sa PANGINOON ng mga hukbo. 13 At ito'y muli ninyong ginagawa: inyong tinatakpan ang altar ng PANGINOON, ng mga luha, ng iyak, at ng bungtong hiniuga, na ano pa't hindi na niya nililingon ang handog pa, o tinatangap man sa inyong kamay na may lugod. 14 Gayon ma'y inyong sinasabing, ?Bakit? Sapagka't ang PANGINOON ay naging saksi sa iyo at sa asawa ng iyong kabinataan, na ginawan mo ng paglililo, baga man siya'y iyong kasama, at siyang asawa ng iyong tipan. 15 ?At di ba siya'y gumawa ng isa, baga man siya'y may labis na espiritu? At ?bakit isa? Kaniyang hinanap ang binhing marapat sa Dios. Kaya't ingatan ninyo ang inyong espiritu, at huag ng maglilo laban sa asawa ng kaniyang kabinataan. 16 Sapagka't aking kinapopootan ang paghihiwalay, sabi ng PANGINOON, ng Dios ng Israel, at siya na nagtatakip ng kaniyang damit na may karahasan, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo: kaya't ingatan ninyo ang inyong espiritu, na huag kayong gumawa na may paglililo.

17 Inyong pinagod ang PANGINOON ng inyong mga salita. Gayong ma'y inyong sinasabing, ?Sa ano namin pinagod siya! Sa inyong sinasabing, Bawa't gumagawa ng kasam-an ay mabuti sa paningin ng PANGINOON, at kaniyang mga kina-

lulugdan; o ¿saan nandoon ang Dios ng kahatulan?

**3** Narito, aking sinusugo ang aking sugo, at siya'y maghahanda ng daan sa harap ko: at ang Panginoon na inyong hinalanap, ay biglang paroroon sa kaniyang templo; at ang sugo ng tipan na inyong kinaliligayahan, narito, siya'y dumarating, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. **2** ¿Nguni't sino ang makatatahan ng araw ng kaniyang pagparito? ¿at sino ang makatatayo pagka siya'y napa-kikita? sapagka't siya'y gaya ng apoy na mandadalisay, at gaya ng sabon ng mga batanero: **3** at siya'y uupong parang mangingintab at mangdadalisay ng pilak, at kaniyang dadalisayin ang mga anak ng Levi, at kaniyang pakikinising parang ginto at pilak; at sila'y maghahandog sa PANGINOON ng mga handog sa kabanalan. **4** Kung magkagayo'y ang handog ng Juda at ng Jerusalem ay magiging kalugodlugod sa PANGINOON gaya ng mga araw ng una, at gaya ng mga taon ng una. **5** At aking lalapitan kayo sa kahatulan; at ako'y magiging maliksing saksi laban sa mga maugagaway, at laban sa mga mangangalunya, at laban sa mga sinungaling na manunumpa; at laban doon sa mga pumipighati sa mang-araw sa kaniyang mga kaupahan, sa babayeng hao, at sa ulila, at sa nagliligaw sa taga ibang lupa ng kaniyang matuid, at hindi natatakot sa akin, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. **6** Sapagka't ako ang PANGINOON na hindi nagbabago; kaya't kayo, Oh mga anak ng Jakob, ay hindi naumbos.

**7** Mula sa mga kaarawan ng inyong mga magulang kayo'y nagpakaligaw sa aking mga ayos, at hindi ninyo mga ginanap. Magbalik kayo sa akin, at ako'y magbabalik sa inyo, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. Nguni't inyong sinasabing, ¿Sa ano kami magbabalik? **8** ¿Nanakawin ba ng tawo ang Dios? gayong sinasabing, ¿Sa ano ka namin ninakaw? Sa mga ikasampung bahagi at sa mga handog. **9** Kayo'y mga nasumpa ng sumpa; sapagka't inyo akong ninakaw, nitong boong nasyon. **10** Dalhin ninyo ang boong ikasampung bahagi sa kamalig, upang magkaroon ng pagkain sa aking bahay, at subukin ninyo ako ngayon nito, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, kung-di ko bubuksan sa inyo ang mga du-ngawan sa langit, at

ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan. **11** At aking sasawayin ang manlalamon dahil sa inyo, at hindi niya sisirain ang mga bunga ng inyong lupa; o malalagasan man ng bunga sa di panahon ang inyong puno ng uvas sa parang, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo. **12** At tatawagin kayo ng lahat na nasyon na mapalad: sapagka't kayo'y magiging maligayang lupain, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo.

**13** Ang inyong mga salita ay naging malakas laban sa akin, sabi ng PANGINOON. Gayon ma'y inyong sinasabing, ¿Sa ano kami nagsalita ng laban sa iyo? **14** Inyong sinabing, Walang kabuluhan ang maglingkod sa Dios; at ¿anong kapakinabangan sa ating iningatan ang kaniyang bilin, at tayo'y lumakad na may kapallawan sa harap ng PANGINOON ng mga hukbo? **15** At ngayo'y ating tinatawag ang palalo na maginhawa; oo, silang gumagawa ng kasam-an ay nangatayo; oo, kaniyang tinutukso ang Dios, at mga ligtas. **16** Ng magkagayo'y silang natatakot sa PANGINOON ay nagsang-usapan: at pinakingan ng PANGINOON, at dininig, at isang libro ng ala-ala ay nasulat sa harap niya, para sa kanila na natakot sa PANGINOON, at umisip ng kaniyang pangalan. **17** At sila'y magiging akin, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, sa araw na aking likhain, isang tangin kayamanan: at akin silang kaaawaan, na gaya ng isang tawo na nanaawa sa kaniyang anak na naglilingkod sa kaniya. **18** Kung magkagayo'y kayo'y magbabalik-loob at tatangi kayo ng banal at ng masama, niyaong naglilingkod sa Dios at niyaong hindi naglilingkod sa kaniya.

**4** Sapagka't, narito, ang araw ay dumaringin, na nagningas na parang lurno; at ang lahat na palalo, at ang lahat na gumagawa ng masama ay mgalalagas, at ang araw na dumarating ay susunog sa kanila, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, na ano pa't hindi mag-iwan sa kanila ng kahi't ugat o sanga man. **2** Nguni't sa inyo na natatakot sa aking pangalan ay sisikat ang araw ng kabanalan na may kaginhawahan sa kaniyang mga pakpak; at kayo'y lalabas at luluksong parang guya mula sa sabsaban. **3** At inyong yayapakan ang masama; sapagka't sila'y magiging abo sa ilalim ng mga talampakan ng inyong mga paa sa kaarawan na aking likhain, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo.

4 Alalahanin ninyo ang kautusan ni Moises na aking alipin, na aking iniutos sa kaniya sa Horeb dahil sa boong Israel, ang mga palatuntunan at mga kahatulan.

5 Narito, aking susuguin sa inyo si Elias na profeta bago dumating ang dakila at kakilakilabot na araw ng PANGINOON.

6 At kaniyang papagbabaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang; baka ako'y dumating at sugatan ko ang lupa ng sumpa.

---



THE UNIVERSITY OF MICHIGAN  
GRADUATE LIBRARY

DATE DUE

~~SEP 28 1973~~

~~SEP 3 1974~~

~~AUG 19 1974~~

BOOK CARD  
DO NOT REMOVE

A Charge will be made  
if this card is mutilated

or not returned  
with the book

GRADUATE LIBRARY  
THE UNIVERSITY OF MICHIGAN  
ANN ARBOR, MICHIGAN

GL

DO NOT REMOVE  
OR  
MUTILATE CARD

M-81634



